


# BIBLE

## Magandang Balita Biblia

Filipino (Tagalog) Language

# Filipino (Tagalog) - All Bible

(Magandang Balita Biblia)


| Old Testament | | | |
|---|---|---|---|
| Genesis | 3 | Nahum | 1.607 |
| Exodo | 103 | Habakuk | 1.611 |
| Levitico | 187 | Zefanias | 1.616 |
| Mga Bilang | 245 | Hagai | 1.621 |
| Deuteronomio | 321 | Zacarias | 1.625 |
| Josue | 390 | Malakias | 1.641 |
| Mga Hukom | 438 | **New Testament** | |
| Ruth | 484 | Mateo | 1.646 |
| 1 Samuel | 491 | Marcos | 1.725 |
| 2 Samuel | 553 | Lucas | 1.776 |
| 1 Mga Hari | 604 | Juan | 1.860 |
| 2 Mga Hari | 666 | Mga Gawa | 1.921 |
| 1 Mga Cronica | 724 | Mga Taga-Roma | 1.996 |
| 2 Mga Cronica | 782 | 1 Mga Taga-Corinto | 2.029 |
| Ezra | 850 | 2 Mga Taga-Corinto | 2.062 |
| Nehemias | 872 | Mga Taga-Galacia | 2.083 |
| Ester | 901 | Mga Taga-Efeso | 2.095 |
| Job | 915 | Mga Taga-Filipos | 2.107 |
| Mga Awit | 978 | Mga Taga-Colosas | 2.115 |
| Mga Kawikaan | 1.135 | 1 Mga Taga-Tesalonica | 2.123 |
| Ang Mangangaral | 1.190 | 2 Mga Taga-Tesalonica | 2.130 |
| Ang Awit ni Solomon | 1.206 | 1 Timoteo | 2.134 |
| Isaias | 1.216 | 2 Timoteo | 2.143 |
| Jeremias | 1.317 | Tito | 2.150 |
| Mga Panaghoy | 1.427 | Filemon | 2.154 |
| Ezekiel | 1.437 | Mga Hebreo | 2.156 |
| Daniel | 1.529 | Santiago | 2.180 |
| Hosea | 1.558 | 1 Pedro | 2.189 |
| Joel | 1.574 | 2 Pedro | 2.198 |
| Amos | 1.580 | 1 Juan | 2.204 |
| Obadias | 1.592 | 2 Juan | 2.213 |
| Jonas | 1.594 | 3 Juan | 2.214 |
| Mikas | 1.598 | Judas | 2.216 |
| | | Pahayag | 2.219 |


New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Filipino (Tagalog) - All Bible

(Magandang Balita Biblia)

## Genesis

## Genesis 1

### Ang Kasaysayan ng Paglikha

1Nang pasimula ay nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa;

2ang lupa ay walang hugis o anyo. Dilim ang bumabalot sa kalaliman at kumikilos ang Espiritu ng Diyos sa ibabaw ng tubig.

3Sinabi ng Diyos: “Magkaroon ng liwanag!” At nagkaroon nga.

4Nasiyahan ang Diyos nang ito'y mamasdan. Pinagbukod niya ang liwanag at ang dilim.

5Ang liwanag ay tinawag niyang Araw, at ang dilim naman ay tinawag na Gabi. Lumipas ang gabi, at sumapit ang umaga—iyon ang unang araw.

6Sinabi ng Diyos: “Magkaroon ng kalawakang maghahati sa tubig upang ito'y magkahiwalay!”

7At nangyari ito. Ginawa ng Diyos na pumagitan ang kalawakan sa tubig na nasa itaas at sa tubig na nasa ibaba.

8Langit ang itinawag niya sa kalawakan. Lumipas ang gabi, at sumapit ang umaga—iyon ang ikalawang araw.

9Sinabi ng Diyos: “Magsama-sama sa isang dako ang tubig sa silong ng langit upang lumitaw ang lupa.” At nangyari nga ito.

10Tinawag niyang Lupa ang tuyong bahagi at Dagat naman ang nagsama-samang tubig. Nasiyahan siya nang ito'y mamasdan.

11Pagkatapos, sinabi ng Diyos: “Magkaroon sa lupa ng lahat ng uri ng tumutubong halamang nagkakabinhi at mga punong namumunga.” At nangyari ito.

12Tumubo nga sa lupa ang gayong mga halaman. Nasiyahan siya nang ito'y mamasdan.

13Lumipas ang gabi, at sumapit ang umaga—iyon ang ikatlong araw.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14 Sinabi ng Diyos: “Magkaroon ng mga tanglaw sa langit upang mabukod ang araw sa gabi. Ito ang magiging batayan sa bilang ng mga araw, taon at kapistahan.

15 Mula sa langit, ang mga ito'y magbibigay ng liwanag sa daigdig.” At gayon nga ang nangyari.

16 Nilikha ng Diyos ang dalawang malalaking tanglaw: ang Araw, upang magbigay liwanag sa maghapon, at ang Buwan, upang tumanglaw kung gabi. Nilikha rin niya ang mga bituin.

17 Inilagay niya sa langit ang mga tanglaw na ito upang magbigay ng liwanag sa daigdig,

18 tumanglaw kung araw at gabi, at magbukod sa liwanag at dilim. Nasiyahan ang Diyos nang ito'y kanyang mamasdan.

19 Lumipas ang gabi, at sumapit ang umaga—iyon ang ikaapat na araw.

20 Sinabi ng Diyos: “Magkaroon sa tubig ng maraming bagay na may buhay, at magkaroon din ng mga ibon sa himpapawid.”

21 Nilikha ng Diyos ang mga dambuhala sa dagat, at lahat ng bagay na nabubuhay sa tubig, gayundin ang lahat ng uri ng ibon. Nasiyahan ang Diyos nang ito'y mamasdan.

22 Pinagpala niya ang mga ito at sinabi: “Magpakarami ang lahat ng bagay na nabubuhay sa tubig at punuin ang karagatan; magpakarami rin ang mga ibon at punuin ang daigdig.”

23 Lumipas ang gabi, at sumapit ang umaga—iyon ang ikalimang araw.

24 Sinabi ng Diyos: “Magkaroon ng lahat ng uri ng hayop sa lupa—maaamo, maiilap, malalaki at maliliit.” At gayon nga ang nangyari.

25 Ginawa nga niya ang lahat ng ito, at nasiyahan siya nang ito'y kanyang mamasdan.

26 Pagkatapos, sinabi ng Diyos: “Ngayon, likhain natin ang tao ayon sa ating larawan, ayon sa ating wangis. Sila ang mamamahala sa mga isda, sa mga ibon sa himpapawid at sa lahat ng hayop, maging maamo o mailap, malaki o maliit.”

27 Nilalang nga ng Diyos ang tao ayon sa kanyang larawan. Sila'y kanyang nilalang na isang lalaki at isang babae,

28 at sila'y pinagpala niya. Sinabi niya, “Magpakarami kayo at punuin ninyo ng inyong mga anak ang buong daigdig, at kayo ang mamahala nito. Binibigyan ko kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa tubig, sa mga ibon sa himpapawid, at sa lahat ng mga hayop na nasa ibabaw ng lupa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29Ibinibigay ko rin sa inyo ang lahat ng uri ng halamang nagkakabinhi at mga bungangkahoy bilang pagkain ninyo.

30Ang lahat ng halamang luntian ay ibinibigay ko naman sa lahat ng hayop sa ibabaw ng lupa at sa lahat ng mga ibon." At ito nga ang nangyari.

31Pinagmasdan ng Diyos ang lahat niyang ginawa, at lubos siyang nasiyahan. Lumipas ang gabi, at sumapit ang umaga—iyon ang ikaanim na araw.

## Genesis 2

1Nilikha nga ng Diyos ang langit at ang lupa at ang lahat ng bagay na naroroon.

2Tinapos niyang likhain ang lahat ng ito sa loob ng anim na araw, at siya'y nagpahinga sa ikapitong araw.

3Pinagpala niya ang ikapitong araw at itinuring itong banal, sapagkat sa araw na ito siya nagpahinga matapos likhain ang lahat.

4Ganito ang pagkalikha sa langit at sa lupa.

### Ang Halamanan ng Eden

Nang likhain ng PANGINOONG Yahweh ang lupa at lahat ng bagay sa langit,

5wala pang anumang halaman o pananim sa lupa, sapagkat hindi pa nagpapaulan noon ang PANGINOONG Yahweh, at wala pa ring nagsasaka.

6Ngunit mayroon nang bukal ng tubig na dumidilig sa kapatagan sa lupa.

7Pagkatapos, ginawa ng PANGINOONG Yahweh ang tao mula sa alabok, hiningahan niya sa ilong, at nagkaroon ito ng buhay.

8Gumawa ang PANGINOONG Yahweh ng isang halamanan sa Eden, sa dakong silangan, at doon dinala ang taong kanyang nilalang.

9Pinatubo niya roon ang lahat ng uri ng punongkahoy na magagandang pagmasdan at masasarap ang bunga. Sa gitna ng halamanan ay naroon ang punongkahoy na nagbibigay-buhay, at gayundin ang punongkahoy na nagbibigay-kaalaman tungkol sa mabuti at masama.

10Umaagos noon mula sa Eden ang isang ilog na dumidilig sa halamanan. Paglabas doon, ito'y nahahati sa apat na sanga.

11Ang una na kung tawagi'y Ilog Pishon ay umaagos sa lupain ng Havila.

12Lantay ang ginto roon at marami ring bedelio at batong onise.

13Ang ikalawang sanga ng ilog na tinawag namang Gihon ay umaagos sa lupain ng Etiopia.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[14]Ilog Tigris naman ang tawag sa ikatlong sanga, at umaagos naman ito sa silangan ng Asiria. Ang ikaapat na sanga ng ilog ay ang Eufrates.

[15]Inilagay ng PANGINOONG Yahweh ang tao sa halamanan ng Eden upang ito'y pagyamanin at pangalagaan.

[16]Sinabi niya sa tao, "Makakain mo ang alinmang bungangkahoy sa halamanan,

[17]maliban sa bunga ng punongkahoy na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Huwag na huwag mong kakainin ang bungang iyon, sapagkat sa araw na kainin mo iyon ay mamamatay ka."

[18]Matapos gawin ang lahat ng ito, sinabi ng PANGINOONG Yahweh, "Hindi mabuti na mag-isa ang tao; bibigyan ko siya ng isang angkop na makakasama at makakatulong."

[19]Kaya, mula sa lupa ay lumikha ang PANGINOONG Yahweh ng mga hayop sa parang at mga ibon sa himpapawid, dinala niya ang mga ito sa tao upang ipaubaya rito ang pagbibigay ng pangalan sa mga iyon. Kung ano ang kanyang itinawag, iyon ang naging pangalan ng mga ito.

[20]Ang tao nga ang nagbigay ng pangalan sa lahat ng ibon sa himpapawid at hayop sa parang. Ngunit wala isa man sa mga ito ang nababagay na makasama at makatulong niya.

[21]Kaya't pinatulog ng PANGINOONG Yahweh ang tao. Samantalang nahihimbing, kinuha niya ang isang tadyang nito at pinaghilom ang laman sa tapat niyon.

[22]Ang tadyang na iyo'y ginawa niyang isang babae, at dinala niya ito sa lalaki.

[23]Sinabi ng lalaki, "Sa wakas, narito ang isang tulad ko, laman ng aking laman, buto ng aking buto; babae ang itatawag sa kanya, sapagkat sa lalaki siya'y kinuha."

[24]Ito ang dahilan kaya iniiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina, nagsasama sila ng kanyang asawa, at sila'y nagiging isa.

[25]Kapwa hubad noon ang lalaki at ang babae, ngunit hindi sila nahihiya.

## Genesis 3

### Nagkasala ang Tao

[1]Ang ahas ang pinakatuso sa lahat ng hayop na nilikha ng PANGINOONG Yahweh. Isang araw tinanong nito ang babae, "Totoo bang sinabi ng Diyos na huwag kayong kakain ng anumang bungangkahoy sa halamanan?"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Sumagot ang babae, “Maaari naming kainin ang anumang bunga sa halamanan,

3huwag lamang ang bunga ng puno na nasa gitna niyon. Sinabi ng Diyos na huwag naming kakainin ni hihipuin man ang bunga nito; kung kami raw ay kakain nito, mamamatay kami.”

4Ngunit sinabi ng ahas, “Hindi totoo iyan, hindi kayo mamamatay!

5Sinabi lang iyan ng Diyos, sapagkat alam niyang kung kakain kayo ng bunga niyon ay makakaunawa kayo. Kayo'y magiging parang Diyos at malalaman ninyo ang mabuti at masama.”

6Ang punongkahoy ay napakaganda sa paningin ng babae at sa palagay niya'y masarap ang bunga nito. Naisip din niya na kahanga-hanga ang maging marunong, kaya't pumitas siya ng bunga at kumain nito. Binigyan niya ang kanyang asawa, at kumain din ito.

7Nagkaroon nga sila ng pagkaunawa matapos kumain. Noon nila nalamang sila'y hubad, kaya kumuha sila ng mga dahon ng igos, pinagtahi-tahi nila ang mga ito at ginawang panakip sa katawan.

8Nang dapit-hapon na, narinig nilang naglalakad sa halamanan ang PANGINOONG Yahweh, kaya't nagtago sila sa mga puno.

9Ngunit tinawag niya ang lalaki at tinanong, “Saan ka naroon?”

10“Natakot po ako nang marinig kong kayo'y nasa halamanan; nagtago po ako sapagkat ako'y hubad,” sagot ng lalaki.

11Nagtanong muli ang Diyos, “Sinong maysabi sa iyong hubad ka? Bakit, kumain ka ba ng bungang ipinagbabawal ko?”

12“Kasi, pinakain po ako ng babaing ibinigay ninyo sa akin,” tugon ng lalaki.

13“Bakit mo ginawa ang bagay na iyon?” tanong ng PANGINOONG Yahweh sa babae. “Mangyari po'y nilinlang ako ng ahas, kaya ako natuksong kumain,” sagot naman nito.

**Inihayag ng Diyos ang Kaparusahan**

14At sinabi ng PANGINOONG Yahweh sa ahas: “Sa iyong ginawa'y may parusang dapat, na ikaw lang sa lahat ng hayop ang magdaranas; mula ngayon ikaw ay gagapang, at ang pagkain mo'y alikabok lamang.

15Kayo ng babae'y aking pag-aawayin, binhi mo't binhi niya'y lagi kong paglalabanin. Ang binhi niya ang dudurog sa iyong ulo, at sa sakong niya'y ikaw ang tutuklaw.”

16Sa babae nama'y ito ang sinabi: “Sa pagbubuntis mo'y hirap ang daranasin, at sa panganganak sakit ay titiisin; ang asawang lalaki'y iyong nanasain, pasasakop ka sa kanya't siya mong susundin.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Ito naman ang sinabi ng Diyos kay Adan: “Dahil nakinig ka sa iyong asawa,
nang iyong kainin ang ipinagbawal kong bunga; dahil dito'y sinusumpa ko
ang lupa, sa hirap ng pagbubungkal, pagkain mo'y magmumula.

18Mga damo at tinik ang iyong aanihin, halaman sa gubat ang iyong kakainin;

19sa pagod at pawis pagkain mo'y manggagaling maghihirap ka hanggang sa
malibing. Dahil sa alabok, doon ka nanggaling, sa lupang alabok ay babalik
ka rin.”

20Eva ang itinawag ni Adan sa kanyang asawa, sapagkat siya ang ina ng
sangkatauhan.

21Ang mag-asawa'y iginawa niya ng mga damit na yari sa balat ng hayop.

### Pinalayas sa Hardin si Adan at si Eva

22Pagkatapos, sinabi ng PANGINOONG Yahweh, “Katulad na natin ngayon
ang tao, sapagkat alam na niya ang mabuti at masama. Baka pumitas siya
at kumain ng bungangkahoy na nagbibigay-buhay at hindi na siya mamatay.”

23Kaya, pinalayas niya sa halamanan ng Eden ang tao upang magbungkal
ng lupang kanyang pinagmulan.

24Pinalayas nga siya ng Diyos. At sa dakong silangan ng halamanan ng Eden
ay naglagay ang Diyos ng bantay na kerubin. Naglagay rin siya ng espadang
nagniningas na umiikot sa lahat ng panig upang hindi malapitan ninuman ang
punongkahoy ng buhay.

## Genesis 4

### Si Cain at si Abel

1Sinipingan ni Adan ang kanyang asawa at ito'y nagdalang-tao. Nang isilang
ang kanyang panganay na lalaki ay sinabi ni Eva: “Nagkaroon ako ng anak
na lalaki sa tulong ni Yahweh.” Kaya Cain ang ipinangalan niya rito.

2Sinundan si Cain ng isa pang anak na lalaki, at Abel naman ang ipinangalan
dito. Naging pastol ito at si Cain naman ay naging magsasaka.

3Dumating ang panahon na si Cain ay naghandog kay Yahweh ng ani niya
sa bukid.

4Kinuha naman ni Abel ang isa sa mga panganay ng kanyang kawan. Pinatay
niya ito at inihandog ang pinakamainam na bahagi. Si Yahweh ay nasiyahan
kay Abel at sa kanyang handog,

5ngunit hindi niya kinalugdan si Cain at ang handog nito. Dahil dito, hindi
mailarawan ang mukha ni Cain sa tindi ng galit.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Kaya't sinabi ni Yahweh, “Anong ikinagagalit mo, Cain? Bakit ganyan ang mukha mo?

7Kung mabuti ang ginawa mo, dapat kang magsaya. Kung masama naman, ang kasalana'y tulad ng mabangis na hayop na laging nag-aabang upang lapain ka. Nais nitong magharian ka. Kaya't kailangang mapaglabanan mo ito.”

8Isang araw, niyaya ni Cain ang kanyang kapatid, “Abel, pumunta tayo sa bukid.” Sumama naman ito, ngunit pagdating nila sa bukid ay pinatay ni Cain si Abel.

9Tinanong ni Yahweh si Cain, “Nasaan ang kapatid mong si Abel?” Sumagot siya, “Hindi ko alam. Bakit, ako ba'y tagapag-alaga ng aking kapatid?”

10At sinabi ni Yahweh, “Cain, ano itong ginawa mo? Sumisigaw sa akin mula sa lupa ang dugo ng iyong kapatid, at humihingi ng katarungan.

11Sinusumpa kita ngayon, at hindi mo na maaaring bungkalin ang lupa dahil dumanak doon ang dugo ng kapatid mo na iyong pinaslang.

12Bungkalin mo man ang lupa upang tamnan, hindi ka mag-aani; wala kang matitirhan at magiging lagalag ka sa daigdig.”

13“Napakabigat namang parusa ito!” sabi ni Cain kay Yahweh.

14“Ngayong pinapalayas mo ako sa lupaing ito upang malayo sa iyong paningin, at maglagalag sa daigdig, papatayin ako ng sinumang makakakita sa akin.”

15“Hindi,” sagot ni Yahweh. “Paparusahan ng pitong ibayo ang sinumang papatay sa iyo.” Kaya't nilagyan ni Yahweh ng palatandaan si Cain upang maging babala sa sinuman na ito'y hindi dapat patayin.

16Iniwan ni Cain si Yahweh at tumira siya sa lupain ng Nod, isang lugar sa silangan ng Eden.

**Ang Angkan ni Cain**

17Sinipingan ni Cain ang kanyang asawa, nagdalang-tao ito at nagkaanak ng isang lalaki na pinangalanang Enoc. Pagkatapos, nagtayo si Cain ng isang lunsod at ito'y tinawag na Enoc, bilang alaala sa kanyang anak.

18Si Enoc ang ama ni Irad na ama ni Mehujael. Anak naman nito si Metusael na ama ni Lamec.

19Nag-asawa si Lamec ng dalawa, sina Ada at Zilla.

20Naging anak ni Ada si Jabal, ang ninuno ng mga nagpapastol ng mga baka at ng mga tumitira sa tolda.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Kapatid nito si Jubal na siya namang ninuno ng mga manunugtog ng alpa at plauta.

22Naging anak naman ni Zilla si Tubal-cain na ninuno ng lahat ng panday ng mga kagamitang tanso at bakal. Si Tubal-cain ay may kapatid na babae, si Naama.

23Sinabi ni Lamec sa dalawa niyang asawa: “Dinggin ninyo itong aking sasabihin, Ada at Zilla, mga asawa kong giliw; may pinatay akong isang kabataan, sapagkat ako'y kanyang sinugatan.

24Kung saktan si Cain, ang parusang gawad sa gagawa nito'y pitong patong agad; ngunit kapag ako ang siyang sinaktan, pitumpu't pitong patong ang kaparusahan.”

**Ang Angkan ni Set**

25Muling sinipingan ni Adan ang kanyang asawa, at ito'y nanganak ng isa pang lalaki. Sinabi ng ina, “Binigyan ako ng Diyos ng kapalit ni Abel na pinatay ni Cain;” at ito'y tinawag niyang Set.

26Si Set ang ama ni Enos. Noon nagsimulang tumawag sa pangalan ni Yahweh ang mga tao sa kanilang pagsamba.

## Genesis 5

**Ang Lahi ni Adan**

(1 Cro. 1:1-4)

1Ito ang kasaysayan ng lahi na mula kay Adan. Nang likhain ng Diyos ang tao, ginawa niya ito ayon sa kanyang larawan.

2Sila'y nilikha niya na lalaki at babae, at matapos pagpalain, sila'y tinawag niyang “Sangkatauhan”.

3Si Adan ay 130 taon nang maging anak niya si Set na kanyang kalarawan.

4Nabuhay pa siya nang walong daang taon, at nagkaroon pa ng mga anak na lalaki't babae.

5Namatay siya sa gulang na 930 taon.

6Si Set ay 105 taon nang maging anak niya si Enos.

7Nabuhay pa siya nang 807 taon at nagkaroon din ng iba pang mga anak.

8Namatay siya sa gulang na 912 taon.

9Siyamnapung taon naman si Enos nang maging anak niya si Kenan.

10Nabuhay pa siya nang 815 taon at nagkaroon din ng iba pang mga anak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Namatay siya sa gulang na 905 taon.

12Si Kenan naman ay pitumpung taon nang maging anak si Mahalalel.

13Nabuhay pa si Kenan nang 840 taon at nagkaroon din ng iba pang mga
anak.

14Namatay siya sa gulang na 910 taon.

15Animnapu't limang taon si Mahalalel nang maging anak si Jared.

16Nabuhay pa si Mahalalel nang 830 taon at nagkaroon din ng iba pang mga
anak.

17Namatay siya sa gulang na 895 taon.

18Si Jared ay 162 nang maging anak niya si Enoc.

19Nabuhay pa si Jared nang 800 taon at nagkaroon din ng iba pang mga
anak.

20Namatay siya sa gulang na 962 taon.

21Animnapu't limang taon naman si Enoc nang maging anak niya si
Matusalem.

22Tatlong daang taon pang nabuhay si Enoc na kasama ang Diyos, at
nagkaroon ng iba pang mga anak.

23Umabot siya nang 365 taon,

24at sa buong panahong iyon ay namuhay siyang kasama ng Diyos.
Pagkatapos, nawala siya sapagkat kinuha siya ng Diyos.

25Si Matusalem ay 187 taon nang maging anak niya si Lamec.

26Nabuhay pa si Matusalem nang 782 taon at nagkaroon din ng iba pang mga
anak.

27Namatay siya sa gulang na 969 na taon.

28Si Lamec naman ay 182 taon nang magkaroon ng anak.

29Sinabi niya, “Mula sa lupang ito na isinumpa ni Yahweh, ipinanganak ang
lulunas sa lahat ng ating mga pagpapagal at paghihirap.” Kaya't Noe ang
ipinangalan niya sa kanyang anak.

30Nabuhay pa si Lamec nang 595 taon at nagkaroon din siya ng iba pang mga
anak.

31Namatay siya sa gulang na 777 taon.

32Si Noe nama'y 500 na nang maging anak niya sina Shem, Ham at Jafet.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Genesis 6

### Ang Kasamaan ng Sangkatauhan

1Napakarami na ng mga tao sa daigdig nang panahong iyon. Nagkaroon sila ng mga anak na babae.

2Nang makita ng mga anak ng Diyos na ang mga babaing anak ng tao ay magaganda, ang mga ito'y pumili sa kanila ng kanya-kanyang asawa.

3Sinabi ni Yahweh, “Hindi ko ipapahintulot na mabuhay nang habang panahon ang tao, sapagkat siya'y makalaman. Hindi na lalampas sa 120 taon ang kanyang buhay sa daigdig.”

4Nang panahong iyon, may mga higante sa ibabaw ng lupa. Sila ang naging bunga ng pakikipagtalik ng mga anak ng Diyos sa mga anak ng tao. Ang mga higanteng iyon ay tinanghal na mga dakilang bayani at tanyag na tao noong unang panahon.

5Nakita ni Yahweh na laganap na ang kasamaan ng tao sa daigdig, at puro kasamaan na lamang ang palaging nasa isip nito.

6Kaya't labis na ikinalungkot ni Yahweh na nilikha pa niya ang tao.

7Sinabi niya, “Lilipulin ko ang lahat ng taong aking nilalang. Lilipulin ko rin ang lahat ng hayop at mga ibon. Ikinalulungkot kong nilalang ko pa ang mga ito.”

8Ngunit si Noe ay naging kalugud-lugod kay Yahweh.

### Si Noe

9Ito ang kasaysayan ni Noe. Matuwid at mabuting tao si Noe noong kanyang kapanahunan. Namuhay siya ayon sa kalooban ng Diyos.

10Siya'y may tatlong anak na lalaki, sina Shem, Ham at Jafet.

11Maliban kay Noe, masasama ang lahat ng tao sa paningin ng Diyos at laganap ang karahasan sa lahat ng dako.

12Ito ang kalagayang nakita ng Diyos sa buong daigdig; namumuhay sa kasamaan ang lahat ng tao.

### Pinagawa ng Malaking Barko si Noe

13Sinabi ng Diyos kay Noe, “Napagpasyahan ko nang lipulin ang lahat ng tao sa daigdig. Umabot na sa sukdulan ang kanilang kasamaan. Gugunawin ko sila kasama ng daigdig.

14Kaya gumawa ka ng isang malaking barko na yari sa kahoy na sipres. Lagyan mo ito ng mga silid at pahiran mo ng alkitran ang loob at labas nito.

15Ang barkong gagawin mo ay 135 metro ang haba, 22 metro ang luwang, at 13.5 metro ang taas.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Bubungan mo ito at lagyan ng kalahating metrong pagitan mula sa bubong hanggang sa tagiliran. Gawin mong tatlong palapag ang barko at lagyan mo ng pintuan sa tagiliran.

17Palulubugin ko sa tubig ang buong daigdig at malilipol ang lahat ng may buhay sa balat ng lupa.

18Ngunit ako'y gagawa ng kasunduan natin: Isama mo ang iyong asawa at mga anak na lalaki, pati mga asawa nila, at pumasok kayo sa barko.

19Magsakay ka ng isang lalaki at isang babae ng bawat uri ng hayop at ibon upang magpatuloy ang lahi nila.

20Magsakay ka rin ng tig-iisang pares sa bawat uri ng ibon at hayop at mga gumagapang sa lupa upang magpatuloy rin ang lahi ng mga ito.

21Maglaan ka ng lahat ng uri ng pagkain para sa inyo at sa kanila."

22At ginawa nga ni Noe ang lahat ng iniutos sa kanya ng Diyos.

## Genesis 7

### Ang Baha

1Sinabi ni Yahweh kay Noe, "Pumasok kayong mag-anak sa barko. Sa lahat ng tao'y ikaw lamang ang nakita kong namumuhay ng matuwid.

2Magdala ka ng pitong pares sa bawat hayop na malinis, at isang pares naman sa di-malinis.

3Pitong pares din sa bawat uri ng ibon ang iyong dadalhin. Gawin mo ito upang magpatuloy ang kanilang lahi sa balat ng lupa.

4Pagkaraan ng isang linggo, pauulanin ko nang apatnapung araw at apatnapung gabi upang lipulin ang lahat ng aking nilikha sa daigdig."

5At ginawa nga ni Noe ang bawat iniutos ni Yahweh.

6Si Noe ay 600 taon nang bumaha sa daigdig.

7Pumasok nga siya sa malaking barko kasama ang kanyang asawa, mga anak, at mga manugang upang maligtas sa baha.

8Sa bawat uri ng hayop, malinis o hindi, sa bawat uri ng ibon at maliliit na hayop,

9ay nagsama siya sa barko ayon sa utos ng Diyos.

10Pagkaraan ng pitong araw, bumaha nga sa buong daigdig.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Si Noe ay 600 taóng gulang na noon. Noong ikalabimpitong araw ng ikalawang buwan, nabuksan ang lahat ng bukal sa ilalim ng lupa. Nabuksan din ang mga bintana ng langit.

12Bumuhos ang ulan sa loob ng apatnapung araw at apatnapung gabi.

13Pumasok noon sa barko si Noe at ang kanyang asawa, kasama ang kanilang tatlong anak na lalaki na sina Shem, Ham at Jafet at ang kani-kanilang asawa.

14Pinapasok din niya ang bawat uri ng hayop—mailap at maamo, lumalakad at gumagapang sa lupa, at bawat uri ng ibon.

15Isang lalaki at isang babae ng bawat may buhay ang isinama ni Noe,

16ayon sa utos ng Diyos. Pagkatapos, isinara ni Yahweh ang pinto ng barko.

17Apatnapung araw na bumaha sa daigdig. Lumaki ang tubig at lumutang ang barko.

18Palaki nang palaki ang tubig habang palutang-lutang naman ang barko.

19Patuloy pang lumaki ang tubig hanggang sa lumubog ang lahat ng matataas na bundok,

20at tumaas pa nang halos pitong metro sa taluktok ng mga bundok.

21Namatay ang bawat may buhay sa lupa—mga ibon, maaamo at maiilap na mga hayop, lahat ng gumagapang sa lupa, at lahat ng tao.

22Ang lahat ng may hininga sa ibabaw ng lupa ay namatay.

23Ang mga tao at mga hayop sa daigdig ay nilipol ng Diyos, maliban kay Noe at sa kanyang mga kasama sa barko.

24Nagsimulang bumabâ ang tubig pagkatapos ng 150 araw.

## Genesis 8

### Wala nang Baha

1Hindi nawaglit sa isipan ng Diyos si Noe at ang lahat ng hayop na kasama niya sa malaking barko. Kaya't pinaihip niya ang hangin, at nagsimulang humupa ang tubig.

2Huminto ang mga bukal at tumigil ang pagbuhos ng ulan.

3Patuloy na humupa ang tubig, at pagkaraan ng 150 araw ay mababa na ang baha.

4Sumadsad ang barko sa Bundok ng Ararat noong ikalabimpitong araw ng ikapitong buwan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Patuloy ang paghupa ng tubig at nang unang araw ng ikasampung buwan, lumitaw ang taluktok ng mga bundok.

6Pagkalipas ng apatnapung araw, binuksan ni Noe ang bintana ng barko na kanyang ginawa.

7Pinalipad niya ang isang uwak at ito'y nagpabalik-balik hanggang matuyo ang tubig sa lupa.

8Pagkatapos nito, pinalipad naman niya ang isang kalapati upang tingnan kung wala nang tubig.

9Palibhasa'y laganap pa ang tubig, hindi makalapag ang kalapati, kaya't nagbalik ito at muling ipinasok ni Noe sa barko.

10Pitong araw pang naghintay si Noe, at pagkatapos ay muli niyang pinalipad ang kalapati.

11Pagbalik nito kinagabihan, ito'y may tangay nang sariwang dahon ng olibo. Kaya't natiyak ni Noe na kati na ang tubig.

12Nagpalipas ng pitong araw si Noe saka pinalipad muli ang kalapati. Hindi na ito nagbalik.

13Noon ay 601 taóng gulang na si Noe. Nang unang araw ng unang buwan, inalis ni Noe ang takip ng barko at nakita niyang natutuyo na ang lupa.

14Nang ikadalawampu't pitong araw ng ikalawang buwan, tuyung-tuyo na ang lupa.

15Sinabi ng Diyos kay Noe,

16“Lumabas ka na sa barko kasama ng iyong asawa, mga anak at mga manugang.

17Palabasin mo na rin ang lahat ng mga hayop na kasama mo—maamo at mailap, gumagapang at lumalakad sa lupa, at pati ang mga ibon. Hayaan mo silang dumami at manirahan sa buong daigdig.”

18At lumabas na nga si Noe at ang kanyang asawa, mga anak at mga manugang.

19Gayundin, sunud-sunod na lumabas ang lahat ng hayop, mailap at maamo, lahat ng gumagapang at lumalakad, pati ang mga ibon ayon sa kani-kanilang uri.

**Naghandog si Noe**

20Si Noe ay nagtayo ng altar para kay Yahweh. Kumuha siya ng isa sa bawat malinis na hayop at ibon, at sinunog bilang handog.

21Nang maamoy ni Yahweh ang mabangong samyo nito, sinabi niya sa sarili, “Hindi ko na susumpain ang lupa dahil sa gawa ng tao bagama't alam kong

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

masama ang kanyang isipan mula sa kanyang kabataan. Hindi ko na lilipuling muli ang anumang may buhay kagaya ng ginawa ko ngayon.

22Hanggang naririto't buo ang daigdig, tagtanim, tag-ani, palaging sasapit; tag-araw, tag-ulan, tag-init, taglamig, ang araw at gabi'y hindi mapapatid."

## Genesis 9

**Nakipagtipan ang Diyos kay Noe**

1Si Noe at ang kanyang mga anak ay binasbasan ng Diyos: "Magkaroon kayo ng maraming anak at punuin ninyo ng inyong supling ang buong daigdig.

2Matatakot sa inyo ang lahat ng hayop, pati mga ibon, ang lahat ng gumagapang sa lupa at ang mga isda. Ang lahat ng ito ay inilalagay ko sa ilalim ng inyong kapangyarihan.

3Gaya ng mga halamang luntian na inyong kinakain, lahat ng mga ito'y maaari na ninyong kainin.

4Huwag lamang ninyong kakainin ang karneng hindi inalisan ng dugo sapagkat nasa dugo ang buhay.

5Mananagot ang sinumang papatay sa inyo, maging ito'y isang hayop. Pagbabayarin ko ang sinumang taong papatay ng kanyang kapwa.

6Sinumang pumatay ng kanyang kapwa, buhay ang kabayaran sa kanyang ginawa, sapagkat sa larawan ng Diyos ang tao'y nilikha.

7"Magkaroon nga kayo ng maraming anak upang manirahan sila sa buong daigdig."

8Sinabi ng Diyos kay Noe at sa kanyang mga anak,

9"Ako'y nakikipagtipan sa inyo ngayon, pati na sa inyong magiging mga anak,

10gayon din sa lahat ng mga bagay na may buhay sa paligid ninyo—sa mga ibon, pati sa maaamo't maiilap na hayop na kasama ninyo sa barko.

11Ito ang aking pakikipagtipan sa inyo: Kailanma'y hindi ko na lilipulin sa pamamagitan ng baha ang lahat ng may buhay. Wala nang baha na gugunaw sa daigdig."

12Sinabi pa ng Diyos, "Ito ang magiging palatandaan ng walang hanggang tipan na ginagawa ko sa inyo at sa lahat ng hayop:

13Palilitawin ko sa mga ulap ang aking bahaghari, at iyan ang magiging tanda ng aking pakikipagtipan sa inyo.

14Tuwing magkakaroon ng ulap at lilitaw ang bahaghari,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15aalalahanin ko ang aking pangako sa inyo at sa lahat ng hayop. Hindi ko na lilipulin sa baha ang lahat ng may buhay.

16Tuwing lilitaw ang bahaghari, maaalala ko ang walang hanggang tipan na ginawa ko sa inyo at sa lahat ng may buhay sa balat ng lupa."

17At sinabi ng Diyos kay Noe, "Ito ang tanda ng aking pangako sa lahat ng nabubuhay sa lupa."

**Si Noe at ang Kanyang mga Anak**

18Ang mga anak ni Noe na kasama niyang lumabas sa barko ay sina Shem, Jafet at Ham na ama ni Canaan.

19Ang tatlong ito ang pinagmulan ng lahat ng tao sa daigdig.

20Si Noe ay isang magsasaka at siya ang kauna-unahang nagbukid ng ubasan.

21Minsan, uminom siya ng alak at nalasing. Nakatulog siyang hubad na hubad sa loob ng kanyang tolda.

22Sa gayong ayos, nakita siya ni Ham ang ama ni Canaan at ibinalita ito sa kanyang mga kapatid.

23Kaya't kumuha sina Shem at Jafet ng balabal, iniladlad sa likuran nila at magkatuwang na lumakad nang patalikod patungo sa tolda. Tinakpan nila ang katawan ng kanilang ama. Ayaw nilang makita ang kahubaran ng kanilang ama.

24Nang mawala na ang kalasingan ni Noe, at malaman ang ginawa ng bunsong anak,

25sinabi niya: "O ikaw, Canaan, ngayo'y susumpain, sa mga kapatid mo ika'y paaalipin."

26Sinabi rin niya, "Purihin si Yahweh, ang Diyos ni Shem, itong si Canaa'y maglilingkod kay Shem.

27Palawakin nawa ng Diyos ang lupain ni Jafet. Sa lahi ni Shem, sila'y mapipisan, at paglilingkuran si Jafet nitong si Canaan."

28Si Noe ay nabuhay pa nang 350 taon pagkatapos ng baha,

29kaya't umabot siya sa gulang na 950 taon bago namatay.

# Genesis 10

**Ang mga Angkan ng mga Anak ni Noe**

(1 Cro. 1:5-23)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1 Ito ang kasaysayan ng mga anak ni Noe na sina Shem, Ham at Jafet pagkatapos ng baha.

2 Ang mga anak na lalaki ni Jafet ay sina Gomer, Magog, Madai, Javan, Tubal, Meshec at Tiras.

3 Sina Askenaz, Rifat at Togarma ang mga anak na lalaki ni Gomer.

4 Ang kay Javan naman ay sina Elisha, Tarsis, Kitim at Rodanim.

5 Ito ang mga anak at apo ni Jafet. Sa kanila nagmula ang mga bansa sa baybay-dagat at mga pulo. Bawat isa'y nagkaroon ng sariling lupain at wika.

6 Ang mga anak na lalaki ni Ham ay sina Cus, Egipto, Libya at Canaan.

7 Sina Seba, Havila, Sabta, Raama at Sabteca ang mga anak na lalaki ni Cus. Ang kay Raama naman ay sina Saba at Dedan.

8 Si Nimrod, isa pang anak na lalaki ni Cus, ang kauna-unahan sa daigdig na naging dakila at makapangyarihan.

9 Siya rin ang pinakamahusay na mangangaso dahil sa tulong ni Yahweh, kaya may kasabihang: “Maging mahusay ka sanang mangangaso tulad ni Nimrod, sa tulong ni Yahweh.”

10 Kabilang sa kauna-unahang kaharian na sakop niya ang Babilonia, Erec at Acad, pawang nasa lupain ng Sinar.

11 Mula rito'y pumunta siya sa Asiria at itinatag ang mga lunsod ng Nineve, Rohobot-ir, Cale

12 at ang Resen sa pagitan ng Nineve at Cale, ang pangunahing lunsod.

13 Si Egipto ang ama ng mga taga-Lud, Anam, Lehab at Naftuh,

14 gayon din ng mga taga-Patrus, Casluh at Caftor na pinagmulan ng mga Filisteo.

15 Ang panganay ni Canaan ay si Sidon na sinundan ni Het.

16 Kay Canaan din nagmula ang mga Jebuseo, Amoreo, Gergeseo,

17 Hivita, Araceo, Sineo,

18 Arvadeo, Zemareo at Hamateo. Simula noon, kung saan-saan nakarating ang mga Cananeo.

19 Mula sa Sidon, ang kanilang hangganan sa gawing timog ay umabot sa Gerar na malapit sa Gaza. Sa gawing silangan naman, umabot sila sa Sodoma, Gomorra, Adma at Zeboim na malapit sa Lasa.

20 Ito ang lahi ni Ham na nanirahan sa iba't ibang lupain at naging iba't ibang bansa na may kani-kanilang wika.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[21]Si Shem, ang nakatatandang kapatid ni Jafet, ang pinagmulan naman ng lahi ni Heber.

[22]Ang kanyang mga anak ay sina Elam, Ashur, Arfaxad, Lud at Aram.

[23]Ang mga anak naman ni Aram ay sina Uz, Hul, Geter at Mas.

[24]Si Arfaxad ang ama ni Selah na ama naman ni Heber.

[25]Dalawa ang anak ni Heber: ang isa'y tinawag na Peleg, sapagkat noong panahon niya ay nagkahiwa-hiwalay ang mga tao sa daigdig; ang kapatid niya ay si Joctan.

[26]Si Joctan ang ama nina Almodad, Shelef, Hazarmavet, Jerah,

[27]Hadoram, Uzal, Dikla,

[28]Obal, Abimael, Sheba,

[29]Ofir, Havila at Jobab. Sila ang mga anak na lalaki ni Joctan.

[30]Mula sa Mesha hanggang Sefar sa kaburulan sa silangan ang lawak ng kanilang lupain.

[31]Ito ang lahi ni Shem ayon sa kani-kanilang angkan, wika at bansa.

[32]Ito ang mga bansang nagmula sa mga anak ni Noe mula sa kanilang mga angkan. Sa kanila nagmula ang lahat ng bansa na lumaganap sa buong daigdig pagkatapos ng baha.

## Genesis 11

### Ang Tore ng Babel

[1]Sa simula'y iisa ang wika at magkakapareho ang mga salitang ginagamit ng lahat ng tao sa daigdig.

[2]Sa kanilang pagpapalipat-lipat sa silangan, nakarating sila sa isang kapatagan sa Shinar at doon na nanirahan.

[3]Nagkaisa silang gumawa ng maraming tisa at lutuin itong mabuti para tumibay. Tisa ang ginagamit nilang bato at alkitran ang kanilang semento.

[4]Ang sabi nila, “Halikayo at magtayo tayo ng isang lunsod na may toreng abot sa langit upang maging tanyag tayo at huwag nang magkawatak-watak sa daigdig.”

[5]Bumabâ si Yahweh upang tingnan ang lunsod at ang toreng itinayo ng mga tao.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Sinabi niya, “Ngayon ay nagkakaisa silang lahat at iisa ang kanilang wika. Pasimula pa lamang ito ng mga binabalak nilang gawin. Hindi magtatagal at gagawin nila ang anumang kanilang magustuhan.

7Ang mabuti'y bumabâ tayo at guluhin ang kanilang wika upang hindi sila magkaintindihan.”

8At ginawa ni Yahweh na ang mga tao ay magkawatak-watak sa buong daigdig, kaya natigil ang pagtatayo ng lunsod.

9Babel ang itinawag nila sa lunsod na iyon, sapagkat doo'y ginulo ni Yahweh ang wika ng mga tao. At mula roon, nagkawatak-watak ang mga tao sa buong daigdig dahil sa ginawa ni Yahweh.

**Ang Lahi ni Shem**

(1 Cro. 1:24-27)

10Ito ang kasaysayan ng mga lahi na nagmula kay Shem. Dalawang taon makalipas ang baha, si Shem ay nagkaanak ng isang lalaki, si Arfaxad. Si Shem ay sandaang taóng gulang na noon.

11Nabuhay pa siya nang 500 taon, at nagkaroon pa ng ibang mga anak.

12Nang si Arfaxad ay tatlumpu't limang taon na, nagkaanak siya ng isang lalaki, si Shela.

13Nabuhay pa siya nang 403 taon, at nagkaroon pa ng ibang mga anak.

14Tatlumpung taon na noon si Shela nang maging anak niya si Heber.

15Nabuhay pa siya nang 403 taon, at nagkaroon din ng ibang mga anak.

16Sa gulang na tatlumpu't apat na taon, naging anak ni Heber si Peleg.

17Nabuhay pa siya nang 430 taon, at nagkaroon din ng ibang mga anak.

18Sa gulang na tatlumpung taon, naging anak ni Peleg si Reu.

19Nabuhay pa siya nang 209 taon, at nagkaroon pa ng ibang mga anak.

20Si Reu naman ay tatlumpu't dalawang taon na nang maging anak niya si Serug.

21Nabuhay pa siya nang 207 taon, at nagkaroon din ng ibang mga anak.

22Si Serug ay tatlumpung taon nang maging anak niya si Nahor.

23Nabuhay pa siya nang 200 taon, at nagkaroon din ng ibang mga anak.

24Naging anak naman ni Nahor si Terah nang siya'y dalawampu't siyam na taon.

25Nabuhay pa siya nang 119 taon, at nagkaroon din ng ibang mga anak.

**Ang Lahi ni Terah**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Pitumpung taon na si Terah nang magkaanak ng tatlong lalaki: sina Abram, Nahor at Haran.

27Ito naman ang kasaysayan ng mga anak ni Terah na sina Abram, Nahor at si Haran na ama ni Lot.

28Buháy pa si Terah nang mamatay si Haran sa kanyang sariling bayan ng Ur, sa Caldea.

29Napangasawa ni Abram si Sarai at napangasawa naman ni Nahor si Milca na anak ni Haran na ama rin ni Isca.

30Si Sarai ay hindi magkaanak sapagkat baog siya.

31Umalis si Terah sa bayan ng Ur, Caldea, kasama ang kanyang anak na si Abram, ang asawa nitong si Sarai at si Lot na anak ni Haran. Papunta sila sa Canaan ngunit nang dumating sa Haran, doon na sila nanirahan.

32Doon namatay si Terah sa gulang na 205 taon.

## Genesis 12

### Tinawag ng Diyos si Abram

1Sinabi ni Yahweh kay Abram, “Lisanin mo ang iyong bayan, ang tahanan ng iyong ama at mga kamag-anak, at pumunta ka sa bayang ituturo ko sa iyo.

2Pararamihin ko ang iyong mga anak at apo at gagawin ko silang isang malaking bansa. Pagpapalain kita, at gagawin kong dakila ang iyong pangalan at ikaw ay magiging pagpapala sa marami.

3Ang sa iyo'y magpapala ay aking pagpapalain, at ang sa iyo'y sumumpa ay aking susumpain; sa pamamagitan mo, lahat ng mga bansa sa daigdig ay aking pagpapalain.”

4Sumunod nga si Abram sa utos ni Yahweh; nilisan niya ang Haran noong siya'y pitumpu't limang taon. Sumama sa kanya si Lot.

5Isinama ni Abram ang kanyang asawang si Sarai at si Lot na pamangkin niya. Dinala niyang lahat ang kanyang mga alipin at mga kayamanang naipon nila sa Haran. Pagkatapos nito'y nagtungo sila sa Canaan. Pagdating nila roon,

6nagtuloy si Abram sa isang banal na lugar sa Shekem, sa malaking puno ng Moreh. Noo'y naroon pa ang mga Cananeo.

7Nagpakita kay Abram si Yahweh na nagsabi sa kanya, “Ito ang lupaing ibibigay ko sa iyong lahi.” At nagtayo si Abram ng altar para kay Yahweh na nagpakita sa kanya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Buhat doon, nagtuloy siya sa kaburulan sa silangan ng Bethel at huminto sa pagitan ng Bethel na nasa kanluran at ng Ai na nasa silangan. Nagtayo rin siya roon ng altar at sumamba kay Yahweh.

9Mula roon, unti-unti silang nagpatuloy papunta sa gawing timog ng Canaan.

**Pumunta si Abram sa Egipto**

10Nagkaroon ng matinding taggutom sa lupain ng Canaan, kaya umalis doon sina Abram at naglakbay na patimog, patungo sa lupain ng Egipto, upang doon muna manirahan.

11Nang malapit na sila sa hangganan, sinabi niya sa kanyang asawa, “Sarai, napakaganda mo.

12Kapag nakita ka ng mga Egipcio, sasabihin nilang asawa kita at papatayin nila ako para makuha ka.

13Ang mabuti pa'y sabihin mong magkapatid tayo. Alang-alang sa iyo, hindi nila ako papatayin.”

14Nang makapasok na sina Abram sa Egipto, napuna nga ng mga Egipcio na napakaganda ni Sarai.

15Nang nakita siya ng mga pinuno roon, ibinalita nila sa Faraon kung gaano siya kaganda. Kaya't iniutos nitong kunin si Sarai at dalhin sa palasyo.

16Dahil sa kanya, mabuti ang naging pagtanggap ng Faraon kay Abram at binigyan pa niya ito ng mga tupa, kambing, baka, asno, kamelyo at mga alipin.

17Dahil dito'y pinahirapan ni Yahweh ang Faraon. Siya at ang buong palasyo ay nagdanas ng katakut-takot na karamdaman.

18Kaya't si Abram ay ipinatawag ng Faraon at tinanong, “Bakit mo ito ginawa sa akin? Bakit hindi mo sinabing asawa mo siya?

19Ang sabi mo'y kapatid mo siya, kaya naman kinuha ko siya para maging asawa. Heto na ang asawa mo. Kunin mo siya at umalis na kayo!”

20Iniutos ng Faraon sa kanyang mga tauhan na paalisin ang mag-asawa, dala ang lahat nilang ari-arian.

## Genesis 13

**Nagkahiwalay sina Abram at Lot**

1Mula sa Egipto, si Abram ay naglakbay na pahilaga patungong Negeb, kasama ang kanyang asawa at ang pamangkin niyang si Lot, dala ang lahat niyang ari-arian.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[2]Mayaman na noon si Abram; marami na siyang mga tupa, kambing at baka. Marami na rin siyang naipong ginto at pilak.

[3]Mula sa Negeb, unti-unti siyang naglakbay pabalik sa dati niyang pinagkampuhan, sa pagitan ng Bethel at Ai.

[4]Pumunta siya sa dating pinagtayuan niya ng altar, at doon sumamba kay Yahweh.

[5]Si Lot, na kasa-kasama ni Abram ay marami na ring tupa, kambing at baka. Mayroon na rin siyang sariling pamilya at mga tauhan.

[6-7]Dahil napakarami na ng kanilang mga hayop, hindi na sapat ang pastulan para sa mga kawan nina Abram at Lot. Kaya't madalas nag-aaway ang mga pastol nila. Nang panahon ding iyon, ang mga Cananeo at Perezeo ay naninirahan pa sa lugar na iyon.

[8]Kinausap ni Abram si Lot, “Hindi tayo dapat mag-away, at ang mga tauhan natin, sapagkat magkamag-anak tayo.

[9]Mabuti pa'y maghiwalay tayo. Mamili ka: Kung gusto mo sa kaliwa, sa kanan ako; kung gusto mo sa kanan, sa kaliwa ako.”

[10]At nang iginala ni Lot ang kanyang paningin, nakita niyang ang Kapatagan ng Jordan hanggang sa Zoar ay sagana sa tubig, tulad ng halamanan ni Yahweh at ng lupain ng Egipto. Nangyari ito noong hindi pa natutupok ang Sodoma at Gomorra.

[11]Kaya pinili niya ang dakong silangan sa Kapatagan ng Jordan, at naghiwalay nga sila ni Abram.

[12]Nanatili si Abram sa Canaan. Samantala, si Lot ay nanirahan naman sa mga lunsod sa kapatagan na malapit sa Sodoma.

[13]Napakasama ng mga tao sa lunsod ng Sodoma; namumuhay sila nang laban kay Yahweh.

### Nanirahan si Abram sa Hebron

[14]Pagkaalis ni Lot, sinabi ni Yahweh kay Abram, “Tumanaw ka sa palibot mo.

[15]Ang buong lupaing natatanaw mo ay ibibigay ko sa iyo, at sa magiging lahi mo magpakailanman.

[16]Ang iyong mga salinlahi ay gagawin kong sindami ng alikabok sa lupa na di kayang bilangin ninuman.

[17]Libutin mo na ang buong lupain; ang lahat ng iyan ay ibibigay ko sa iyo.”

[18]Lumipat si Abram sa Hebron, at doon tumira sa tabi ng malalaking puno sa Mamre. Nagtayo siya roon ng altar para kay Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Genesis 14

### Iniligtas ni Abram si Lot

1 Nang panahong iyon, sina Haring Amrafel ng Sinar, Arioc ng Elasar, Kedorlaomer ng Elam at Tidal ng Goyim,

2 ay nakipagdigma kina Haring Bera ng Sodoma, Birsha ng Gomorra, Shinab ng Adma, Shemeber ng Zeboim at Zoar ng Bela.

3 Tinipon ng limang haring ito ang kanilang mga hukbo sa kapatagan ng Sidim na tinatawag ding Dagat na Patay.

4 Ang mga ito ay labindalawang taon nang nasasakop ni Kedorlaomer, ngunit nang ika-13 taon, nagkaisa-isa silang umaklas laban sa kanya.

5 Isang taon buhat nang sila'y umaklas, dumating si Kedorlaomer, kasama ang mga haring kakampi niya upang sila'y muling sakupin. Nalupig na niya ang mga bansang kanyang dinaanan: ang mga Refaita sa Astarot-carnaim, ang mga Zuzita sa Ham at ang mga Emita sa Save-kiryataim.

6 Tinalo na rin nila ang mga Horeo sa kabundukan ng Seir hanggang sa Elparan, sa gilid ng disyerto.

7 Buhat doo'y bumaling silang patungo sa Kades (o Enmispat) at sinakop ang lupain ng mga Amalekita at ng mga Amoreo sa Hazazon-tamar.

8 Tinipon nga ng mga hari ng Sodoma, Gomorra, Adma, Zeboim at Bela ang kanilang mga hukbo sa Kapatagan ng Sidim. At doon nila hinarap

9 sina Haring Kedorlaomer ng Elam, Tidal ng Goyim, Amrafel ng Sinar at Arioc ng Elasar—lima laban sa apat.

10 Natalo ang limang hari, at nang sila'y tumakas sa labanan, ang hari ng Sodoma at ang hari ng Gomorra ay nahulog sa balon ng alkitran na marami sa dakong iyon. Ang iba'y nakatakas papunta sa kabundukan.

11 Kaya't sinamsam ng apat na hari ang lahat ng ari-ariang natagpuan sa Sodoma at Gomorra, pati ang pagkain doon.

12 Binihag din nila ang pamangkin ni Abram na si Lot na nakatira sa Sodoma, at kinuha ang lahat ng ari-arian nito.

13 Isang takas ang nagbalita ng pangyayaring ito kay Abram na Hebreo, na noo'y nakatira malapit sa tabi ng sagradong kahuyan ni Mamre, isang Amoreo. Si Abram at si Mamre, kasama ang mga kapatid niyang sina Escol at Aner ay may umiiral na kasunduan.

14 Pagkarinig niya sa nangyari sa kanyang pamangking si Lot, tinawag niya ang kanyang mga tauhan at nakatipon siya ng 318 mandirigma. Sinundan nila ang mga kalabang hari hanggang sa Dan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Pagdating doon, nagdalawang pangkat sila, at pagsapit ng gabi, sinalakay nila ang kaaway. Tinalo nila ang mga ito at hinabol hanggang Hoba sa hilaga ng Damasco.

16Nabawi nilang lahat ang nasamsam na ari-arian at nailigtas si Lot, ang mga kababaihan at ang iba pa nitong mga kasamahan.

**Binasbasan ni Melquisedec si Abram**

17Sa pagbabalik ni Abram, pagkatapos niyang talunin si Haring Kedorlaomer at ang iba pang mga haring kasama nito, sinalubong siya ng hari ng Sodoma sa Libis ng Save, na tinawag ding Libis ng Hari.

18Dinalhan siya ni Melquisedec, hari ng Salem at pari ng Kataas-taasang Diyos, ng tinapay at alak,

19at binasbasan, "Pagpalain ka nawa, Abram, ng Kataas-taasang Diyos, na lumikha ng langit at lupa.

20Purihin ang Kataas-taasang Diyos, na nagbigay sa iyo ng tagumpay!" At ibinigay ni Abram kay Melquisedec ang ikasampung bahagi ng lahat ng kanyang nasamsam buhat sa labanan.

21Sinabi ng hari ng Sodoma kay Abram, "Iyo na ang lahat ng bagay na nakuha mo, subalit ibalik mo sa akin ang lahat ng mga tauhan ko."

22Ngunit sumagot si Abram, "Sumumpa ako sa harapan ni Yahweh, ang Kataas-taasang Diyos na lumikha ng langit at lupa.

23Nangako akong hindi kukuha ng anuman sa iyo, kahit kaputol na sinulid o tali ng sandalyas, para wala kang masabi na ikaw ang nagpayaman kay Abram.

24Wala akong kukuning anuman para sa sarili ko. Ang mga nagamit lamang ng aking mga tauhan ang aking tatanggapin, at ang bahaging nauukol sa aking mga kakampi. Hayaan ninyong kunin nina Aner, Escol at Mamre ang bahaging nauukol sa kanila."

## Genesis 15

**Ang Kasunduan ng Diyos kay Abram**

1Pagkaraan ng lahat ng ito, si Abram ay nagkaroon ng isang pangitain. Sinabi sa kanya ni Yahweh, "Abram, huwag kang matakot. Ako ang iyong kalasag na mag-iingat sa iyo. Bibigyan kita ng napakalaking gantimpala."

2Ngunit sinabi ni Abram, "Panginoong Yahweh, ano pang kabuluhan ng gantimpala mo sa akin kung wala naman akong anak? Wala akong tagapagmana kundi si Eliezer na taga-Damasco.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[3]Hindi mo ako pinagkalooban ng anak, kaya ang alipin kong ito ang magmamana ng aking ari-arian."

[4]Subalit sinabi ni Yahweh, "Hindi isang alipin ang iyong magiging tagapagmana; ang sarili mong anak ang magiging tagapagmana."

[5]Dinala siya ni Yahweh sa labas at sinabi sa kanya, "Tumingin ka sa langit at masdan mo ang mga bituin! Mabibilang mo ba iyan? Ganyan karami ang magiging lahi mo."

[6]Si Abram ay sumampalataya kay Yahweh, at dahil dito, siya'y itinuring ni Yahweh bilang isang taong matuwid.

[7]Sinabi pa ni Yahweh kay Abram, "Ako ang kumuha sa iyo sa bayan ng Ur ng Caldea upang ibigay sa iyo ang lupaing ito."

[8]Itinanong naman ni Abram, "PANGINOONG Yahweh, paano ko malalamang ito'y magiging akin?"

[9]Sinabi sa kanya, "Dalhan mo ako ng isang baka, isang babaing kambing, at isang tupa, bawat isa'y tatlong taon ang gulang. Magdala ka rin ng isang kalapati at isang batu-bato."

[10]Dinala nga ni Abram ang lahat ng iyon at biniyak ang bawat isa maliban sa mga ibon. Inihanay niyang magkakapatong ang pinaghating hayop.

[11]Bumabâ ang mga buwitre upang kainin ang mga ito, ngunit itinaboy sila ni Abram.

[12]Nang lumulubog na ang araw, nakatulog nang mahimbing si Abram, at nilukuban siya ng isang nakakapangilabot na kadiliman.

[13]Sinabi ni Yahweh, "Ang iyong mga anak at apo ay mangingibang-bayan at magiging alipin doon sa loob ng 400 taon.

[14]Ngunit paparusahan ko ang bansang aalipin sa kanila, at pag-alis nila roon ay marami silang kayamanang madadala.

[15]Pahahabain ko ang iyong buhay; mamamatay at ililibing kang payapa.

[16]Daraan muna ang apat na salinlahi bago sila makabalik dito, sapagkat hindi ko muna paparusahan ang mga Amoreo hanggang sa maging sukdulan ang kanilang kasamaan."

[17]Pagkalubog ng araw at laganap na ang dilim, biglang may lumitaw na palayok na umuusok, at maningas na sulo na dumaan sa pagitan ng mga pinatay na hayop.

[18]At nang araw na iyon, gumawa si Yahweh ng kasunduan nila ni Abram at ganito ang sinabi niya: "Ibibigay sa lahi mo ang lupaing ito, mula sa hanggahan ng Egipto hanggang sa Ilog Eufrates,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

19kasama ang lupain ng mga Cineo, Cenizeo, Cadmoneo,

20Heteo, Perezeo at Refaita,

21gayundin ang lupain ng mga Amoreo, Cananeo, Gergeseo at Jebuseo.”

## Genesis 16

### Si Hagar at si Ismael

1Hindi magkaanak si Sarai na asawa ni Abram. Ngunit mayroon siyang aliping babae na taga-Egipto na ang pangalan ay Hagar.

2Sinabi niya, “Abram, dahil pinagkaitan ako ni Yahweh ng anak, ang alipin ko ang sipingan mo. Baka sakaling magkaanak siya para sa akin!” Pumayag si Abram sa sinabi ni Sarai.

3At ipinaubaya nga ni Sarai sa kanyang asawa si Hagar upang maging asawang-lingkod. Sampung taon na si Abram na naninirahan sa Canaan nang ito'y nangyari.

4Matapos sipingan ni Abram si Hagar, nagdalang-tao nga ito. Subalit nagmalaki si Hagar at hinamak nito si Sarai.

5Dahil dito, sinabi ni Sarai kay Abram, “Ikaw ang dahilan ng paghamak ni Hagar sa akin! Alam mong ako ang nagkaloob sa iyo ng alipin kong ito; bakit niya ako hinahamak ngayong siya'y nagdadalang-tao? Si Yahweh na ang humatol kung sino sa atin ang tama!”

6At sumagot si Abram, “Alipin mo naman siya, kaya gawin mo sa kanya ang gusto mo.” Pinagmalupitan nga ni Sarai si Hagar, kaya ito'y tumakas.

7Sinalubong siya ng anghel ni Yahweh sa tabi ng isang bukal sa ilang na malapit sa daang patungo sa Shur.

8“Hagar, alipin ni Sarai, saan ka nanggaling at saan ka pupunta?” tanong ng anghel. “Tumakas po ako sa aking panginoon,” ang sagot ni Hagar.

9Sinabi ng anghel, “Magbalik ka at muling magpasakop sa kanya.

10Mga anak mo ay aking pararamihin, at sa karamiha'y di kayang bilangin;

11di na magtatagal, ika'y magsisilang, Ismael ang sa kanya'y iyong ipangalan, sapagkat dininig ni Yahweh ang iyong karaingan.

12Ngunit ang anak mo'y magiging mailap, hayop na asno ang makakatulad; maraming kalaban, kaaway ng lahat, di makikisama sa mga kaanak.”

13Kaya't nasabi ni Hagar sa sarili, “Talaga bang nakita ko rito ang Diyos na nakakakita sa akin at hanggang ngayo'y buháy pa rin ako?” Kaya't tinawag niya si Yahweh nang ganito: “Ikaw ang Diyos na Nakakakita.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[14]Kaya't ang balon sa pagitan ng Kades at Bered ay tinawag nilang, “Balon ng Diyos na Buháy at Nakakakita sa Akin.”

[15]Nagsilang nga si Hagar ng isang anak na lalaki kay Abram at ito'y pinangalanan nitong Ismael.

[16]Noo'y walumpu't anim na taon na si Abram.

## Genesis 17

### Ang Pagtutuli, Palatandaan ng Kasunduan

[1]Nang siyamnapu't siyam na taon na si Abram, nagpakita sa kanya si Yahweh at sinabi, “Ako ang Makapangyarihang Diyos. Sumunod ka sa akin at ingatan mong walang dungis ang iyong sarili habang ikaw ay nabubuhay.

[2]Ako'y makikipagtipan sa iyo at lubhang pararamihin ko ang iyong lahi.”

[3]Pagkarinig nito'y nagpatirapa si Abram. Sinabi pa sa kanya ng Diyos,

[4]“Ito ang aking tipan sa iyo: Ikaw ay magiging ama ng maraming bansa.

[5]Hindi na Abram ang itatawag sa iyo kundi Abraham, sapagkat ngayo'y ginagawa kitang ama ng maraming bansa.

[6]Pararamihin ko nga ang iyong lahi at magtatatag sila ng mga bansa; at may magiging hari sa kanila.

[7]“Tutuparin ko ang aking pangako sa iyo at sa iyong lahi habang panahon, at ako'y magiging Diyos ninyo.

[8]Ibibigay ko sa iyo at sa iyong magiging lahi ang lupaing ito ng Canaan na iyong tinitirhan ngayon bilang isang dayuhan. Ito ang magiging pag-aari nila sa habang panahon, at ako ang kanilang magiging Diyos.”

[9]Sinabi pa ng Diyos kay Abraham, “Ikaw at ang lahat ng susunod mong salinlahi ay dapat maging tapat sa ating kasunduan.

[10]Ganito ang inyong gagawin: lahat ng lalaki sa inyo ay tutuliin,

[11]at iyan ang magiging palatandaan ng ating tipan.

[12]Lahat ng lalaki na isisilang sa inyong lahi ay tutuliin pagsapit ng ikawalong araw, kasama rito ang mga aliping isinilang sa inyong sambahayan, gayundin ang mga aliping binili sa dayuhan.

[13]Ang palatandaang ito sa inyong katawan ang magiging katibayan ng ating walang katapusang kasunduan.

[14]Ang sinumang lalaking hindi tuli ay ititiwalag sa iyong lahi sapagkat hindi siya tumupad sa ating kasunduan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Sinabi pa rin ng Diyos kay Abraham, “Hindi na Sarai ang itatawag mo sa iyong asawa kundi Sara

16sapagkat siya'y pagpapalain ko. Magkakaanak ka sa kanya at siya'y magiging ina ng maraming bansa; may magiging hari mula sa kanyang mga salinlahi.”

17Muling nagpatirapa si Abraham, ngunit napatawa siya nang kanyang maisip na siya'y matanda na. Nasabi niya sa sarili, “Magkakaanak pa ba ang isang lalaki na sandaang taóng gulang na? At si Sara! Maglilihi pa ba siya gayong siya'y siyamnapung taon na?”

18At sinabi niya sa Diyos, “Bakit hindi na lang po si Ismael ang magmana ng mga ipinangako ninyo sa akin?”

19Kaya't sumagot ang Diyos, “Hindi; ang asawa mong si Sara ay magkakaanak ng isang lalaki at tatawagin mo siyang Isaac. Makikipagtipan ako sa kanya at sa kanyang lahi magpakailanman.

20Tungkol naman kay Ismael, ipagkakaloob ko ang kahilingan mo: Pagpapalain ko siya at pararamihin ko rin ang kanyang lahi. Magkakaanak siya ng labindalawang prinsipe, at magiging bansang makapangyarihan ang kanyang salinlahi.

21Ngunit ang aking tipan sa iyo ay matutupad kay Isaac, na isisilang ni Sara sa isang taon, sa ganito ring panahon.”

22Pagkasabi nito, nilisan ng Diyos si Abraham.

23Nang araw ring iyon, ayon sa utos ng Diyos, tinuli ni Abraham si Ismael at lahat ng lalaki sa kanyang sambahayan, maging ang aliping ipinanganak doon o binili.

24Si Abraham ay siyamnapu't siyam na taon na nang tuliin,

25si Ismael naman ay labingtatlo.

26Tinuli sila sa parehong araw,

27at noon ding araw na iyon tinuli ang kanyang mga alipin.

## Genesis 18

### Ipinangako ang Pagsilang ni Isaac

1Nagpakita si Yahweh kay Abraham sa may tabi ng mga sagradong puno ni Mamre. Noo'y kainitan ng araw at nakaupo siya sa pintuan ng kanyang tolda.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Walang anu-ano'y may nakita siyang tatlong lalaking nakatayo sa di kalayuan. Patakbo niyang sinalubong ang mga ito, at sa kanila'y yumuko nang halos sayad sa lupa ang mukha,

3at sinabi, "Mga ginoo, kung inyong mamarapatin, tumuloy po muna kayo sa amin.

4Magpahinga muna kayo rito sa lilim ng puno, at ikukuha ko kayo ng tubig na panghugas sa inyong mga paa.

5Ipaghahanda ko na rin kayo ng makakain para lumakas kayo bago kayo maglakbay. Ikinagagalak ko kayong paglingkuran habang naririto kayo sa amin." Sila'y tumugon, "Salamat, ikaw ang masusunod."

6Dali-daling pumasok sa tolda si Abraham at sinabi kay Sara, "Dali, kumuha ka ng tatlong takal ng magandang harina, at gumawa ka ng tinapay."

7Pumili naman si Abraham ng isang matabang guya mula sa kawan, at ipinaluto kaagad sa isang alipin.

8Kumuha rin siya ng keso at gatas, kasama ang nilutong karne, at inihain sa mga panauhin. Hindi siya lumalayo sa tabi ng mga panauhin habang kumakain ang mga ito.

9Tinanong nila si Abraham, "Nasaan ang asawa mong si Sara?" "Naroon po sa tolda," sagot naman niya.

10Sinabi ng isa sa mga panauhin, "Babalik ako sa isang taon, sa ganito ring panahon, at pagbalik ko'y may anak na siya." Noon ay kasalukuyang nakikinig si Sara sa may pintuan ng tolda sa likuran ng panauhin.

11Ang mag-asawang Abraham at Sara ay parehong matanda na at hindi na nga dinaratnan si Sara.

12Lihim na natawa si Sara at nagwika sa sarili, "Ngayong ako'y matanda na pati ang aking asawa, masisiyahan pa kaya ako sa pakikipagtalik?"

13"Bakit natawa si Sara, at nagsabing kung kailan pa siya tumanda saka siya magkakaanak?" tanong ni Yahweh kay Abraham.

14"Mayroon bang hindi kayang gawin si Yahweh? Tulad ng sinabi ko, babalik ako sa isang taon at pagbalik ko'y may anak na siya."

15Dahil sa takot, nagkaila si Sara at ang wika, "Hindi po ako tumawa." Ngunit sinabi niya, "Huwag ka nang magkaila, talagang tumawa ka."

### Nanalangin si Abraham Alang-alang sa Sodoma

16Pagkatapos, umalis ang tatlong lalaki at inihatid sila ni Abraham hanggang sa isang dako na natatanaw na ang Sodoma.

17Sinabi ni Yahweh, "Hindi ko dapat ilihim kay Abraham ang aking gagawin,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[18]sapagkat pinili ko siya upang maging ama ng isang malaki at makapangyarihang bansa. Sa pamamagitan niya, ang lahat ng mga bansa sa daigdig ay aking pagpapalain.

[19]Pinili ko si Abraham upang turuan niya ang kanyang lahi na sumunod sa aking mga utos, sa pamamagitan ng paggawa ng matuwid at pagpapairal ng katarungan. Kapag nangyari iyon, tutuparin ko ang aking pangako sa kanya."

[20]Kaya't sinabi ni Yahweh, "Katakut-takot na ang sumbong sa akin laban sa Sodoma at Gomorra, at napakalaki ng kanilang kasalanan.

[21]Kaya't bababâ ako roon at aalamin ko kung totoo o hindi ang paratang laban sa kanila."

[22]Umalis nga ang mga lalaki at nagpunta sa Sodoma, ngunit naroon pa rin si Yahweh sa tabi ni Abraham.

[23]Itinanong ni Abraham, "Lilipulin po ba ninyo ang lahat ng tao, ang mabubuti kasama ng masasama?

[24]Sakali pong may limampung mabubuting tao sa lunsod, wawasakin pa rin ba ninyo iyon? Hindi po ba ninyo patatawarin ang lunsod alang-alang sa limampung iyon?

[25]Naniniwala po akong hindi ninyo idaramay ang mabubuti. Hindi ninyo gagawin iyon sapagkat kung ganito ang mangyayari, parehong magdurusa ang masama at ang mabuti. Hindi ninyo magagawa iyon! Makatarungan ang Hukom ng buong daigdig!"

[26]At sumagot si Yahweh, "Hindi ko wawasakin ang lunsod alang-alang sa limampung mabubuting tao."

[27]"Ipagpaumanhin po ninyo ang aking kapangahasan," wika ni Abraham, "wala po akong karapatang magsalita sa inyo, sapagkat ako'y isang hamak na tao lamang.

[28]Kung wala pong limampu, at apatnapu't lima lamang ang mabubuti, wawasakin pa rin ba ninyo ang lunsod?" "Hindi, hindi ko wawasakin alang-alang sa apatnapu't limang iyon," tugon ni Yahweh.

[29]Nagtanong muli si Abraham, "Kung apatnapu lamang?" "Hindi ko wawasakin ang lunsod alang-alang sa apatnapung iyon," tugon sa kanya.

[30]"Huwag sana kayong magagalit, magtatanong pa ako. Kung tatlumpu lamang ang mabuting tao roon, wawasakin ba ninyo?" Sinagot siya, "Hindi ko wawasakin ang lunsod alang-alang sa tatlumpung iyon."

[31]Sinabi pa ni Abraham, "Mangangahas po uli ako. Kung dalawampu na lamang ang mabubuting tao roon?" "Hindi ko pa rin wawasakin ang lunsod alang-alang sa dalawampung iyon," muling sagot sa kanya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

32Sa huling pagkakataon ay nagtanong si Abraham, “Ito na po lamang ang itatanong ko: Paano po kung sampu lamang ang mabubuting tao roon?” “Hindi ko pa rin wawasakin ang lunsod alang-alang sa sampung iyon,” sagot ni Yahweh.

33Pagkasabi nito, umalis na si Yahweh at umuwi naman si Abraham.

## Genesis 19

### Ang Labis na Kasamaan sa Sodoma

1Nang gabing dumating sa Sodoma ang dalawang anghel, nakaupo si Lot sa may pintuan ng lunsod. Pagkakita sa kanila'y tumayo si Lot at sinalubong sila. Nagpatirapa siya sa harapan ng mga anghel.

2“Mga ginoo,” wika niya, “inaanyayahan ko po kayo sa amin. Doon na kayo maghugas ng paa at magpalipas ng gabi. Bukas na ng umaga kayo magpatuloy ng paglalakbay.” Ngunit sumagot sila, “Huwag na, dito na lang kami sa lansangan magpapalipas ng gabi.”

3Ngunit pinilit niya ang mga ito kaya sumama na rin sila sa kanya. Nagluto si Lot ng tinapay na walang pampaalsa, naghanda ng masarap na hapunan at kumain sila.

4Nang matutulog na sila, pinaligiran ng mga lalaking taga-Sodoma ang kanyang bahay. Lahat ng kalalakihan sa lunsod, bata at matanda ay naroon.

5Pasigaw nilang tinanong si Lot, “Nasaan ang mga panauhin mong lalaki? Ilabas mo't makikipagtalik kami sa kanila!”

6Lumabas si Lot at isinara ang pinto.

7Sinabi niya sa mga tao, “Huwag, mga kaibigan, napakasama ng gagawin ninyong iyan.

8Ako'y may dalawang anak na dalaga, sila na lang ang ibibigay ko sa inyo at gawin ninyo sa kanila ang gusto ninyo, huwag lamang ninyong galawin ang mga lalaking ito. Mga panauhin ko sila at dapat ko silang ingatan.”

9Ngunit sumigaw sila, “Huwag kang makialam, dayuhan! Sino kang magtuturo sa amin ng aming gagawin? Tumabi ka kung ayaw mong masaktan nang higit kaysa kanila!” Itinulak nila si Lot at tinangkang wasakin ang pinto.

10Ngunit hinaltak siya ng kanyang mga panauhin, at isinara ang pinto.

11Pagkatapos, binulag nila ang mga tao sa labas kaya't hindi makita ng mga ito ang pinto.

### Iniwan ni Lot ang Sodoma

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[12]Sinabi ng dalawang panauhin kay Lot, "Magmadali ka! Isama mong lahat ang iyong mga anak at iba pang kamag-anak na nakatira sa lunsod na ito. Umalis na kayo rito,

[13]sapagkat gugunawin na namin ang lunsod na ito! Pinakinggan ni Yahweh ang mabibigat na sumbong laban sa mga taga-Sodoma at pinapunta kami ni Yahweh upang wasakin ang lunsod na ito."

[14]Kaya't pinuntahan ni Lot ang mga mapapangasawa ng kanyang mga anak na babae at sinabi sa kanila, "Umalis na kayo agad sapagkat wawasakin ni Yahweh ang lunsod na ito." Ngunit akala nila'y nagbibiro lamang si Lot.

[15]Nang magbubukang-liwayway na, inapura ng mga anghel si Lot, "Magmadali ka! Umalis na kayo ng iyong asawa't mga anak nang hindi kayo madamay sa pagkawasak ng lunsod."

[16]Nag-aatubili pa si Lot ngunit sa habag ni Yahweh, halos kaladkarin na sila ng mga lalaki palabas ng lunsod.

[17]Pagkatapos, isa sa mga anghel ay nagsabi, "Iligtas ninyo ang inyong sarili! Huwag kayong lilingon o hihinto sa libis! Magtago kayo sa kaburulan para hindi kayo mamatay!"

[18]Ngunit sumagot si Lot, "Huwag na po roon, Ginoo.

[19]Napakalaki na ng utang na loob ko sa inyo; napakabuti ninyo at iniligtas ninyo ako. Ngunit napakalayo ng mga kaburulan. Baka hindi na ako makarating doon nang buháy.

[20]Hindi ba maaaring doon na lamang sa maliit na bayang iyon?"

[21]"Oo, sige, doon na kayo magpunta, at hindi ko wawasakin ang bayang iyon.

[22]Ngunit magmadali kayo! Hindi ko maitutuloy ang gagawin ko hangga't wala kayo roon." Maliit ang bayang iyon kaya ito'y tinawag na Zoar.

### Ginunaw ang Sodoma at Gomorra

[23]Mataas na ang araw nang makarating si Lot sa Zoar.

[24]Saka pa lamang pinaulanan ni Yahweh ng apoy at asupre ang Sodoma at Gomorra.

[25]Tinupok ni Yahweh ang mga lunsod na iyon at ang buong libis, lahat ng mamamayan doon pati ang mga pananim.

[26]Ngunit lumingon ang asawa ni Lot kaya't ito'y naging isang haliging asin.

[27]Kinabukasan, maagang nagtungo si Abraham sa dakong pinagtagpuan nila ni Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

28Mula roon, tinanaw niya ang Sodoma at Gomorra, at ang buong libis. Nakita niyang tumataas ang makapal na usok na parang nagmumula sa malaking hurno.

29Nang gunawin ng Diyos ang mga lunsod na iyon, hindi nawaglit sa kanyang isipan si Abraham kaya iniligtas niya si Lot.

**Ang Pinagmulan ng mga Moabita at Ammonita**

30Sa takot ni Lot na manatili sa Zoar, sila ng dalawa niyang anak na babae ay umakyat sa kaburulan at nanirahan sa isang yungib doon.

31Minsan, nag-usap ang magkapatid. Sinabi ng nakatatanda, “Wala nang natitirang lalaki sa daigdig. Matanda na ang ating ama at maaaring hindi na tayo magkaanak.

32Mabuti pa'y lasingin natin siya at ating sipingan para magkaanak tayo.”

33Nilasing nga nila ang kanilang ama nang gabing iyon. Sa kalasingan ni Lot, hindi niya namalayang nakipagtalik siya sa anak niyang panganay.

34Kinabukasa'y sinabi ng panganay sa bunso, “Kagabi'y sumiping ako sa ating ama; lasingin natin siya uli mamaya, at ikaw naman ang sumiping nang pareho tayong magkaanak.”

35Nilasing nga nila uli si Lot nang gabing iyon, at ang bunso naman ang sumiping. Tulad ng dati, hindi namalayan ni Lot ang kanyang pakikipagtalik dahil sa kalasingan.

36Bunga nito, kapwa nagdalang-tao ang magkapatid.

37Nagkaanak ng lalaki ang panganay at tinawag niyang Moab. Siya ang ninuno ng mga Moabita ngayon.

38Lalaki rin ang naging anak ng bunso at tinawag naman niya itong Ben-ammi. Siya naman ang ninuno ng mga Ammonita ngayon.

## Genesis 20

**Sina Abraham at Abimelec**

1Nilisan ni Abraham ang Mamre at nagpunta sa lupain ng Negeb sa pagitan ng Kades at Shur, at tumira sa Gerar. Habang siya'y naroon,

2kapatid ang pakilala niya kay Sara, kaya ito'y ipinakuha ni Abimelec, hari ng Gerar.

3Sa isang panaginip, nagpakita ang Diyos kay Abimelec at sinabi, “Mamamatay ka dahil sa babaing kinuha mo; siya ay may asawa na.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[4]Noon ay hindi pa nasisipingan ni Abimelec si Sara, kaya't sinabi niya, “Panginoon, papatayin ba ninyo ako at ang aking bayan na wala namang kasalanan?

[5]Kapatid ang pakilala ni Abraham kay Sara, at gayundin naman ang pakilala nito kay Abraham. Ginawa ko po ito na malinis ang aking hangarin, kaya wala akong kasalanan.”

[6]Sumagot ang Diyos, “Oo, alam kong malinis ang hangarin mo, kaya naman hindi ko na hinintay na magalaw mo siya upang huwag ka nang magkasala sa akin.

[7]Ibalik mo siya agad sa kanyang asawa. Propeta ang asawa niya, at ipapanalangin ka niya upang hindi ka mamatay. Kapag hindi mo siya ibinalik, hindi lamang ikaw ang mamamatay, kundi pati ang buong nasasakupan mo.”

[8]Kinabukasan, sinabi ni Abimelec sa mga alipin niya ang mga bagay na ito, at gayon na lamang ang kanilang pagkatakot.

[9]Dahil dito'y ipinatawag ni Abimelec si Abraham at tinanong, “Bakit mo ginawa ito? Ano bang kasalanan ko at dinalhan mo ng kapahamakang ito ang aking kaharian? Hindi tama ang ginawa mo!

[10]Ano bang pumasok diyan sa isip mo at ginawa mo ang bagay na ito?”

[11]Sumagot si Abraham, “Ang akala ko po'y walang takot sa Diyos ang mga tagarito, at nangangamba akong baka patayin nila ako para makuha ang aking asawa.

[12]Ang totoo po'y kapatid ko siya sa ama at napangasawa ko siya.

[13]Kaya po nang sabihin sa akin ng Diyos na lisanin ko ang sambahayan ng aking ama, sinabi ko sa aking asawa, ‘Mabuti pa'y ganito ang gawin mo: saanman tayo pumunta, sabihin mong tayo'y magkapatid at sa gayo'y maipapakita mo ang iyong katapatan sa akin.’”

[14]Sa halip na parusahan, binigyan pa ni Abimelec si Abraham ng mga tupa, baka at mga aliping lalaki at babae, at ibinalik niya si Sara.

[15]Sinabi pa niya kay Abraham, “Sa buong lupain kong ito, tumira ka kung saan mo gusto.”

[16]Ito naman ang sinabi niya kay Sara: “Binibigyan ko ang iyong kapatid ng sanlibong pirasong pilak, bilang katunayan na ang dangal mo'y hindi nadungisan. Sa gayon, hindi iisipin ninuman na ikaw ay may ginawang masama.”

[17-18]Dahil sa pagkakuha ng hari kay Sara, pinarusahan ni Yahweh ang lahat ng babae sa sambahayan ni Abimelec: hindi sila magkaanak. At upang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

malunasan ito, ipinanalangin sila ni Abraham. Gumaling naman si Abimelec, at mula noon, ang kanyang asawa't mga aliping babae ay nagkaanak.

## Genesis 21

### Ang Kapanganakan ni Isaac

1Pinagpala ni Yahweh si Sara at tinupad ang kanyang pangako.

2Ayon sa panahong sinabi ng Diyos, si Sara nga ay nagdalang-tao at nanganak ng isang lalaki, kahit matanda na noon si Abraham.

3Isaac ang ipinangalan ni Abraham sa kanyang anak.

4Ayon sa utos ng Diyos, tinuli ni Abraham ang bata walong araw pagkasilang nito.

5Isandaang taon na si Abraham nang ipanganak si Isaac.

6Sinabi ni Sara, “Nakakatawa ang ginawang ito sa akin ng Diyos at sinumang makarinig nito'y tiyak na matatawa rin.”

7At sinabi pa niya, “Sa edad na iyon ni Abraham, sinong makakapagsabi sa kanyang ako'y mag-aalaga pa ng bata? Gayunman, nabigyan ko pa rin siya ng anak kahit siya'y matanda na.”

8Lumaki ang bata, at nang ito'y awatin, naghanda nang malaking salu-salo si Abraham.

### Pinalayas si Hagar at si Ismael

9Minsan, nakikipaglaro kay Isaac si Ismael, ang anak ni Abraham kay Hagar na taga-Egipto.

10Nang makita ito ni Sara, sinabi niya kay Abraham, “Palayasin mo ang aliping iyan at ang kanyang anak, sapagkat ang anak ng aliping iyan ay hindi dapat makibahagi sa mamanahin ng anak kong si Isaac!”

11Labis itong ikinalungkot ni Abraham sapagkat anak din niya si Ismael.

12Ngunit sinabi ng Diyos kay Abraham, “Huwag kang mag-alala tungkol sa mag-ina. Sundin mo na ang gusto ni Sara, sapagkat kay Isaac magmumula ang lahing sinabi ko sa iyo.

13Ngunit ang anak mong iyan kay Hagar ay magkakaanak din ng marami, at sila'y magiging isang bansa, dahil anak mo rin naman si Ismael.”

14Madaling araw pa lamang, ang mag-ina'y ipinaghanda na ni Abraham ng baong pagkain at inumin. Ipinapasan ni Abraham ang mga ito kay Hagar at ang mag-ina ay kanyang pinaalis. Nagpagala-gala sila sa ilang ng Beer-seba.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Nang maubos na ang dalang tubig, iniwan ni Hagar ang kanyang anak sa
lilim ng isang mababang punongkahoy,

16at naupo nang may sandaang metro mula sa kinaroroonan ng bata. Sabi
niya sa sarili, “Di ko matitiis na makitang mamatay ang aking anak.”
Samantalang nakaupo siyang nag-iisip, umiiyak naman ang bata.

17Narinig ng Diyos ang iyak ng bata, at nagsalita mula sa langit ang anghel
ng Diyos, “Hagar, anong bumabagabag sa iyo? Huwag kang matakot.
Naririnig ng Diyos ang iyak ng iyong anak.

18Lapitan mo siya at patahanin. Gagawin kong isang dakilang bansa ang
kanyang lahi.”

19Pinagliwanag ng Diyos ang paningin ni Hagar at nakita nito ang isang balon.
Pinuno niya ng tubig ang dalang sisidlan at pinainom ang bata.

20Hindi nga pinabayaan ng Diyos si Ismael; ito'y lumaki sa ilang ng Paran at
naging mahusay na mangangaso.

21Ikinuha siya ng kanyang ina ng mapapangasawa mula sa lupain ng Egipto.

**Ang Kasunduan nina Abraham at Abimelec**

22Nang panahong iyon, isinama ni Haring Abimelec si Picol, pinuno ng hukbo,
at sila'y nagpunta kay Abraham. Sinabi ni Abimelec kay Abraham, “Sa lahat
ng gawain mo'y pinagpapala ka ng Diyos.

23Isumpa mo ngayon sa harap ng Diyos na hindi mo ako dadayain pati na
ang aking lahi. Kung paanong ako'y naging tapat sa iyo, ipangako mo rin
namang magiging tapat ka sa akin at sa lupaing ito na tinitirhan mo ngayon.”

24“Nangangako ako,” tugon naman ni Abraham.

25Ngunit nagreklamo si Abraham kay Abimelec tungkol sa isang balon na
inagaw ng mga alipin ng hari.

26Sumagot si Abimelec, “Hindi ko nalalaman iyon. Bakit ngayon mo lamang
sinabi sa akin?”

27Nagkasundo ang dalawa, at binigyan ni Abraham si Abimelec ng ilang tupa't
baka.

28Ibinukod ni Abraham ang pitong tupa ng kanyang kawan.

29“Anong kahulugan nito?” tanong ni Abimelec.

30Sumagot si Abraham, “Ito'y para sa iyo, bilang pagsang-ayon mo na akin
ang balong ito.”

31Kaya ang lugar na iyon ay tinawag na Beer-seba, sapagkat doon ay
nanumpa sila sa isa't isa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

32Matapos ang sumpaang iyon, bumalik na sa lupain ng mga Filisteo si Abimelec at si Picol na pinuno ng kanyang hukbo.

33Pagkaalis nila'y nagtanim naman si Abraham ng punong tamarisko sa Beer-seba at sumamba kay Yahweh, ang Diyos na Walang Hanggan.

34Mahabang panahong nanirahan si Abraham sa lupain ng mga Filisteo.

## Genesis 22

### Sinubok ng Diyos si Abraham

1Pagkalipas ng ilang panahon, sinubok ng Diyos si Abraham. Tinawag siya ng Diyos, "Abraham!" "Narito po ako," tugon naman niya.

2Sinabi sa kanya, "Isama mo ang kaisa-isa at pinakamamahal mong anak na si Isaac, at magpunta kayo sa lupain ng Moria. Umakyat kayo sa bundok na ituturo ko sa iyo, at ihandog mo siya sa akin."

3Kinabukasan, maagang bumangon si Abraham at nagsibak ng kahoy na gagamiting panggatong sa handog na susunugin. Inihanda niya ang asno, at umalis kasama si Isaac at ang dalawang aliping lalaki papunta sa lugar na sinabi ng Diyos sa kanya.

4Nang ikatlong araw ng paglalakbay, natanaw na nila ang dakong kanilang pupuntahan.

5Kaya't sinabi ni Abraham sa kanyang mga alipin, "Bantayan ninyo rito ang asno at kami na lamang ng bata ang aakyat sa bundok. Sasamba kami sa dako roon, at babalikan namin kayo."

6Ipinapasan ni Abraham kay Isaac ang kahoy na panggatong. Dala naman niya ang apoy at patalim, at magkasama silang lumakad.

7Tinawag ni Isaac ang pansin ng ama, "Ama!" "Ano iyon, anak?" tugon ni Abraham. "Mayroon na tayong apoy at panggatong, ngunit nasaan ang tupang ihahandog?" tanong ni Isaac.

8Sumagot si Abraham, "Anak, ang Diyos ang magbibigay niyon." Kaya't nagpatuloy sila sa paglakad.

9Pagsapit nila sa lugar na itinuro ng Diyos, gumawa ng altar si Abraham. Inayos niya sa ibabaw nito ang panggatong at inihiga si Isaac matapos gapusin.

10Nang sasaksakin na niya ang bata,

11tinawag siya ng anghel ni Yahweh at mula sa langit ay sinabi, "Abraham, Abraham!" "Narito po ako," sagot ni Abraham.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Sinabi ng anghel, “Huwag mong patayin ang bata. Huwag mo siyang saktan! Natitiyak ko ngayong handa kang sumunod sa Diyos, sapagkat hindi mo ipinagkait sa kanya ang kaisa-isa mong anak.”

13Paglingon niya'y may nakita siyang isang lalaking tupa na ang mga sungay ay napasabit sa mga sanga ng kahoy. Ito ang kinuha ni Abraham at inihandog sa halip na ang kanyang anak.

14Kaya't ang lugar na iyon ay tinawag ni Abraham na, “Si Yahweh ang Nagkakaloob.” At magpahanggang ngayon, sinasabi ng mga tao, “Sa bundok ni Yahweh ay may nakalaan.”

15Mula sa langit, nagsalitang muli kay Abraham ang anghel ni Yahweh,

16“Ako'y nangangako sa pamamagitan ng aking pangalan—Yahweh. Sapagkat hindi mo ipinagkait sa akin ang kaisa-isa mong anak,

17pagpapalain kita. Ang lahi mo'y magiging sindami ng bituin sa langit at ng buhangin sa dagat. Sasakupin nila ang mga lunsod ng kanilang mga kaaway.

18Sa pamamagitan ng iyong lahi, pagpapalain ang lahat ng bansa sa daigdig sapagkat sinunod mo ang aking utos.”

19Binalikan ni Abraham ang kanyang mga alipin, at sama-sama silang umuwi sa Beer-seba.

### Ang mga Angkan ni Nahor

20Hindi nagtagal, nabalitaan ni Abraham na si Milca, ang asawa ng kanyang kapatid na si Nahor, ay nagkaroon din ng mga anak na lalaki.

21Ang panganay ay si Hus, sumunod si Buz at pagkatapos ay si Kemuel na ama ni Aram.

22Ang iba pang naging anak ni Nahor kay Milca, ayon sa pagkakasunud-sunod ay sina Kesed, Hazo, Pildas, Jidlaf at Bethuel.

23Si Bethuel ang ama ni Rebeca. Ito ang walong anak ni Nahor kay Milca.

24Kay Reuma na asawang-lingkod ni Nahor, naging anak naman niya sina Tebah, Gaham, Tahas at Maaca.

## Genesis 23

### Namatay si Sara at Bumili si Abraham ng Libingan

1Nabuhay si Sara nang 127 taon.

2Namatay siya sa Lunsod ng Arba, na tinatawag ding Hebron sa lupain ng Canaan. Ito'y labis na ikinalungkot ni Abraham.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Sandaling iniwan ni Abraham ang bangkay at nakipag-usap sa mga Heteo. Pakiusap niya,

4“Ako'y isang dayuhan at nakikitira lamang sa inyong lupain. Kung maaari, pagbilhan ninyo ako ng lupang mapaglilibingan sa aking asawa.”

5Sumagot ang mga Heteo,

6“Kinikilala ka naming isang dakilang pinuno; pumili ka na ng lugar na gusto mo para paglibingan sa iyong asawa. Ikalulugod namin na ibigay sa inyo ang bahagi ng inyong mapipili.”

7Bilang pasasalamat, yumuko si Abraham sa harapan ng mga tao

8at sinabi niya, “Kung talagang hindi kayo tutol na dito ko ilibing ang aking asawa, tulungan ninyo akong makiusap kay Efron na anak ni Zohar.

9Nais kong saksihan ninyo ang pagbili ko sa yungib na nasa tabi ng kanyang lupain sa Macpela, upang ito'y gawing libingan. Babayaran ko siya sa hustong halaga.”

10Nagkataong si Efron ay kasama ng nagkakatipong mga Heteo sa may pintuan ng lunsod. Kaya, sinabi niya kay Abraham na naririnig ng lahat,

11“Hindi lamang ang yungib, kundi pati ang lupang kinalalagyan nito ay ibinibigay ko na rin sa inyo upang paglibingan sa inyong asawa. Saksi ko ang lahat ng naririto.”

12Muling yumuko si Abraham sa harapan ng mga naroroon,

13at sinabi niya kay Efron na naririnig ng lahat, “Kung maaari'y pakinggan mo ako. Bibilhin ko ang buong lupain. Tanggapin mo ang tamang kabayaran upang mailibing ko roon ang aking asawa.”

14Sumagot si Efron kay Abraham,

15“Apatnaraang pirasong pilak po ang halaga ng lupa. Huwag na nating pag-usapan; basta't paglibingan na ninyo.”

16Nagkasundo sila. Sa harapan ng mga tao'y tumimbang si Abraham ng halagang apatnaraang pirasong pilak, ayon sa halaga ng salaping umiiral noon sa pamilihan.

17Kaya't ang lupang iyon ni Efron sa Macpela sa silangan ng Mamre, pati na ang yungib at mga punongkahoy sa paligid nito

18ay naging pag-aari ni Abraham. Sinaksihan ito ng mga Heteong dumalo sa pagpupulong na iyon sa may pintuan ng lunsod.

19At inilibing nga ni Abraham si Sara sa yungib na iyon sa Macpela, silangan ng Mamre, sa lupain ng Canaan. Ito'y tinatawag ngayong Hebron.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Ang lupa ngang iyon at ang yungib na dating pag-aari ng mga Heteo ay binili ni Abraham upang gawin niyang libingan.

## Genesis 24

### Nag-asawa si Isaac

[1]Matandang-matanda na noon si Abraham, at pinagpapalang mabuti ni Yahweh.

[2]Sinabi niya sa pinakamatanda niyang alipin na kanyang katiwala, “Ilagay mo ang iyong kamay sa pagitan ng aking mga hita at manumpa ka.

[3]Sumumpa ka sa akin sa pangalan ni Yahweh, ang Diyos ng langit at ng lupa, na hindi ka rito sa Canaan pipili ng mapapangasawa ng aking anak na si Isaac.

[4]Pumunta ka sa bayan kong tinubuan, at pumili ka sa aking mga kamag-anak doon ng mapapangasawa niya.”

[5]“Kung ayaw pong sumama ng mapipili ko, maaari po bang si Isaac na ang papuntahin doon?” tanong ng alipin.

[6]“Aba, hindi! Huwag mong papupuntahin doon si Isaac,” tugon ni Abraham.

[7]“Nilisan ko ang tahanan ng aking ama at iniwan ang lupain ng aking mga kamag-anak sapagkat dito ako pinapunta ni Yahweh, ang Diyos ng kalangitan. Nangako siyang ibibigay ang lupaing ito sa aking lahi. Magsusugo siya ng kanyang anghel na mauuna sa iyo upang tulungan ka sa pagpili ng mapapangasawa ng aking anak.

[8]Ngayon, kung ayaw sumama ng mapipili mo, wala ka nang pananagutan sa akin. Ngunit huwag mong papuntahin doon ang anak ko!”

[9]Kaya't inilagay ng alipin ang kanyang kamay sa pagitan ng hita ng panginoon niyang si Abraham, at nanumpang susundin ito.

[10]Naghanda ang alipin ng sampung kamelyo ng kanyang panginoon. Matapos kargahan ng maraming panregalo, naglakbay siya patungong Mesopotamia, sa lunsod na tinitirhan ni Nahor.

[11]Pagsapit sa labas ng lunsod, huminto siya at pinaluhod ang mga kamelyo sa tabi ng balon ng tubig na naroon. Sa gayong oras, tuwing magdarapit-hapon, dumarating ang mga babae para umigib.

[12]Siya'y nanalangin nang ganito: “Yahweh, Diyos ng panginoon kong si Abraham, maging matagumpay nawa ang aking lakad; tuparin po ninyo ang inyong pangako sa aking panginoong si Abraham.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13-14 Tatayo po ako rito sa tabi ng balon at hihintayin ang pagdating ng mga babae buhat sa lunsod, para umigib. Ako po'y makikiinom sa isa sa kanila. Kapag sinabi niyang, ‘Uminom ka, at paiinumin ko rin ang iyong mga kamelyo,’ iyon na sana ang babaing inihanda ninyo para sa inyong aliping si Isaac. Sa gayon malalaman kong tinupad na ninyo ang inyong pangako sa aking panginoon.”

15 Hindi pa natatapos ang kanyang panalangin, dumating si Rebeca na may pasan na banga ng tubig. Siya ay anak ni Bethuel at apo ni Milca na asawa ni Nahor na kapatid ni Abraham.

16 Siya'y dalaga pa at napakaganda. Lumusong siya sa kinaroroonan ng balon, pinuno ang kanyang banga, at umahon.

17 Sumalubong agad ang alipin at sinabi, “Maaari bang makiinom?”

18 “Aba, opo,” sagot ng babae. At inalalayan niya ang banga habang umiinom ang alipin.

19 Nang ito'y makainom na ay sinabi pa ng dalaga, “Paiinumin ko na rin po ang inyong mga kamelyo hanggang gusto nila.”

20 Isinalin niya sa painuman ang laman ng banga at pabalik-balik siyang sumalok hanggang sa mapainom ang lahat ng kamelyo.

21 Tahimik na pinagmasdan ng alipin ang dalaga at iniisip kung iyon na kaya ang sagot ni Yahweh sa kanyang panalangin.

22 Matapos makainom ang mga kamelyo, inilabas ng alipin ang dala niyang mamahaling singsing at dalawang pulseras na pawang lantay na ginto, at ibinigay sa dalaga.

23 Pagkatapos, ito'y tinanong niya, “Sino ba ang iyong mga magulang? Maaari ba kaming makituloy sa inyo ngayong gabi?”

24 Sumagot ang babae, “Ako po'y anak ni Bethuel na anak nina Nahor at Milca.

25 Maluwag po sa amin at maraming pagkain para sa inyong mga hayop.”

26 Pagkarinig niyon, lumuhod ang alipin at sumamba kay Yahweh,

27 “Purihin si Yahweh, ang Diyos ng panginoon kong si Abraham! Hindi siya sumira sa kanyang pangako. Pinatnubayan niya ako sa pagpunta sa bahay ng mga kamag-anak ng aking panginoon.”

28 Nagmamadaling umuwi ang dalaga at isinalaysay ang buong pangyayari sa tahanan ng kanyang ina.

29 Si Rebeca ay may kapatid na lalaki na ang pangalan ay Laban. Patakbo siyang pumunta sa balong kinaroroonan ng lalaki

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30nang marinig niya ang salaysay ng kanyang kapatid, at makita ang singsing at ang mga pulseras na suot nito. Nakita nga niya ang tao sa tabi ng balon, pati ang kanyang mga kamelyo.

31Sinabi ni Laban, “Bakit nandiyan po kayo sa labas? Tayo na po sa amin, lalaking pinagpala ni Yahweh! Nakahanda na po ang pagpapahingahan ninyo at ang sisilungan ng inyong mga kamelyo.”

32Sumama nga ang alipin. Pagdating sa bahay, ibinabâ ni Laban ang karga ng mga kamelyo at pinakain ang mga hayop. Ang alipin nama'y binigyan niya ng tubig upang maghugas ng paa pati ang mga kasama nito.

33Binigyan siya ng pagkain, ngunit sinabi ng alipin, “Sasabihin ko muna ang aking pakay bago ako kumain.” “Sige, sabihin ninyo,” sabi ni Laban.

34Ganito ang salaysay niya: “Ako po'y alipin ni Abraham.

35Pinagpala ni Yahweh ang aking panginoon. Pinarami ang kanyang mga kawan ng tupa, kambing at baka. Pinagkalooban rin siya ng maraming pilak at ginto, mga aliping babae at lalaki, mga kamelyo at asno.

36Ang asawa niyang si Sara ay nagkaanak pa kahit siya'y matanda na. Ang anak na ito ang tanging tagapagmana ng kanilang kayamanan.

37Ako po'y pinanumpa ng panginoon kong si Abraham na hindi ako kukuha sa Canaan ng mapapangasawa ng anak niyang ito.

38Dito po niya ako pinapunta sa mga kamag-anak ng kanyang mga magulang upang ihanap ng mapapangasawa ang kanyang anak.

39Tinanong ko po siya ng ganito: ‘Kung ang babaing mapili ko ay hindi sumama sa akin, ano po naman ang aking gagawin?’

40Ang sagot po niya'y sasamahan ako ng anghel ni Yahweh upang magtagumpay sa aking lakad. Dito raw sa angkan ng kanyang ama ako kumuha ng mapapangasawa ng kanyang anak. Iyan po ang utos sa akin.

41Ang sabi pa niya sa akin, ‘Kung sundin mo ito, natupad mo na ang iyong tungkulin. Kung tanggihan ka naman ng aking mga kamag-anak, wala ka nang pananagutan sa akin.’

42“Pagdating ko po sa may balon kanina, ako'y nanalangin nang ganito: ‘O Yahweh, Diyos ng panginoon kong si Abraham, panagumpayin mo ang aking gagawin!

43Tatayo po ako sa may tabi ng balong ito at kapag may dumating na dalaga upang umigib, ako'y makikiinom.

44Kapag ako'y pinainom pati ang aking mga kamelyo, iyon na po sana ang pinili ninyo upang mapangasawa ng anak ng aking panginoon.’

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

45Hindi pa natatapos ang aking panalangin, dumating nga si Rebeca na
pasan ang isang banga. Lumusong siya sa bukal at sumalok ng tubig.
Nakiusap po ako sa kanyang ako'y painumin.

46At hindi lamang ako ang pinainom, pati po ang aking mga kamelyo.

47Tinanong ko po siya, ‘Kanino kang anak?’ Ang sagot po'y, ‘Kay Bethuel na
anak ng mag-asawang Nahor at Milca.’ Kaya't kinabitan ko siya ng hikaw sa
ilong at sinuotan ng mga pulseras sa braso.

48Pagkatapos, ako'y lumuhod at sumamba kay Yahweh, sa Diyos ng
panginoon kong si Abraham, sapagkat pinatnubayan niya ako at inihatid sa
tahanang ito. At dito ko nga natagpuan ang dalagang dapat mapangasawa
ng kanyang anak.

49Kaya hinihiling kong sabihin ninyo sa akin kung sang-ayon kayo sa hangad
ng aking panginoon. Kung hindi naman, sabihin din ninyo at nang malaman
ko naman kung ano ang aking gagawin.”

50Sumagot ang mag-amang Bethuel at Laban, “Dahil ang bagay na ito'y mula
kay Yahweh, wala na kaming masasabing anuman.

51Isama mo si Rebeca pag-uwi mo upang mapangasawa ng anak ng iyong
panginoon, ayon sa sinabi ni Yahweh.”

52Pagkarinig nito, ang alipin ni Abraham ay muling nagpatirapa at nagpuri kay
Yahweh.

53At inilabas niya ang mga damit at mga hiyas na ginto't pilak para kay
Rebeca. Binigyan din niya ng mamahaling regalo ang kapatid nitong si Laban
at ang kanilang ina.

54Pagkatapos, ang alipin at ang mga kasama nito ay kumain na at uminom,
at doon na nga nagpalipas ng gabi. Kinabukasa'y nagpaalam na siya.

55Ngunit hiniling ng ina at ng kapatid ni Rebeca na magpalipas muna ng isang
linggo o sampung araw bago umalis.

56Ngunit sinabi ng alipin, “Sapagkat pinagtagumpay ako ni Yahweh sa aking
lakad, pahintulutan na po ninyo akong magbalik sa aking panginoon.”

57“Kung gayon,” sabi nila, “tawagin natin si Rebeca at tanungin kung ano ang
kanyang pasya.”

58“Sasama ka na ba sa taong ito?” tanong nila. “Opo,” tugon niya.

59Kaya si Rebeca at ang kanyang yaya ay pinahintulutan nilang sumama sa
alipin ni Abraham at sa mga kasama nito,

60matapos basbasan nang ganito: “Ikaw nawa, O Rebeca ay maging ina ng
marami, at sa lunsod ng kaaway, ang iyong lahi ang magwagi.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

61Nang handa na ang lahat, si Rebeca at ang mga utusan niyang babae ay sumakay sa kamelyo, at umalis kasunod ng alipin ni Abraham.

62Nang panahong iyon, si Isaac ay naninirahan sa lupain ng Negeb. Minsan, napadako siya sa ilang ng Beer-lahai-roi.

63Nang magtatakipsilim, siya'y namasyal sa kaparangan at nakita niyang may dumarating na mga kamelyo.

64Natanaw ni Rebeca si Isaac kaya't bumabâ siya sa sinasakyang kamelyo,

65lumapit sa aliping sumundo sa kanya at nagtanong, “Sino ang lalaking iyan na papalapit sa atin?” “Siya po ang aking panginoon,” sagot nito. Kumuha ng belo si Rebeca at tinakpan ang kanyang mukha.

66Isinalaysay ng alipin kay Isaac ang mga ginawa niya.

67Pagkatapos, dinala ni Isaac si Rebeca sa tolda ni Sara na kanyang ina at ito'y naging asawa niya. Minahal ni Isaac si Rebeca at siyang naging kaaliwan niya sa pagkamatay ng kanyang ina.

## Genesis 25

### Mga Iba pang Lahi ni Abraham

(1 Cro. 1:32-33)

1Muling nag-asawa si Abraham at ang pangalan ng babae ay Ketura.

2Ang mga anak niya rito ay sina Zimran, Jocsan, Medan, Midian, Isbak at Suah.

3Si Jocsan ang ama nina Seba at Dedan. Kay Dedan nagmula ang mga Asurim, Letusim at Leumim.

4Ang mga anak naman ni Midian ay sina Efa, Efer, Enoc, Abida at Eldaa. Lahat sila'y buhat kay Ketura.

5Kay Isaac ipinamana ni Abraham ang lahat niyang ari-arian.

6Ngunit bago siya namatay, pinagbibigyan na niya ng regalo ang mga anak niya sa ibang asawa, at pinapunta sa lupain sa dakong silangan para mapalayo kay Isaac.

### Namatay si Abraham

7Si Abraham ay nabuhay nang 175 taon.

8Matandang-matanda na siya nang mamatay.

9At inilibing siya nina Isaac at Ismael sa yungib ng Macpela sa silangan ng Mamre, sa parang na dating kay Efron, anak ni Zohar na Heteo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Ang lugar na iyon ang binili ni Abraham sa mga Heteo at doon sila nalibing ni Sara.

11Pagkamatay ni Abraham, pinagpala ng Diyos si Isaac. Doon siya tumira sa Beer-lahai-roi.

**Ang Lahi ni Ismael**

(1 Cro. 1:28-31)

12Ito naman ang lahi ni Ismael na anak ni Abraham kay Hagar, ang taga-Egiptong alipin ni Sara.

13Si Nebayot ang panganay, sumunod sina Kedar, Abdeel at Mibsam.

14Sumunod sina Misma, Duma at Massa;

15pagkatapos ay sina Hadad, Tema, Jetur, Nafis at Kedema.

16Sila ang labindalawang anak ni Ismael na naging pinuno ng kani-kanilang lipi. Isinunod sa kanilang mga pangalan ang mga bayan at pinagkampuhan ng kani-kanilang mga lipi.

17Namatay si Ismael sa gulang na 137 taon, at siya'y inilibing.

18Ang lahi ni Ismael ay tumira sa lupain sa pagitan ng Havila at Shur, sa daang patungo sa Asiria sa silangan ng Egipto. Nakabukod sila sa ibang mga lipi ni Abraham.

**Ipinanganak sina Esau at Jacob**

19Ito naman ang kasaysayan ni Isaac na anak ni Abraham.

20Apatnapung taon na si Isaac nang mapangasawa niya si Rebeca, anak na dalaga ni Bethuel, isang Arameong taga-Mesopotamia. Si Rebeca'y kapatid ni Laban, isa ring Arameo.

21Hindi magkaanak si Rebeca, kaya't nanalangin kay Yahweh si Isaac. Dininig naman siya at si Rebeca'y naglihi.

22Kambal ang kanyang dinadala at nasa tiyan pa'y nagtutulakan na ang dalawa. Kaya't nasabi ng ina, “Kung ngayon pa'y ganito na ang nangyayari sa akin, bakit pa ako mabubuhay?” Kaya't siya'y nagtanong kay Yahweh.

23Ganito naman ang sagot ni Yahweh: “Dalawang sanggol ang dala mo sa loob ng iyong tiyan, larawan ng dalawang bansa na magiging magkalaban; magiging higit na malakas ang mas bata kaysa sa nauna, kaya maglilingkod ang mas matanda sa bata niyang kapatid.”

24Dumating ang panahon at nanganak nga siya ng kambal.

25Mamula-mula ang kutis at mabalahibo ang katawan ng panganay, kaya't Esau ang ipinangalan dito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[26]Nang lumabas ang pangalawa, nakahawak ito sa sakong ng kanyang
kakambal, kaya Jacob naman ang itinawag sa kanya. Animnapung taon si
Isaac noon.

### Ipinagbili ni Esau ang Kanyang Karapatan

[27]Lumaki ang mga bata. Naging mahusay na mangangaso si Esau at sa
kaparangan na halos tumitira. Si Jacob naman ay tahimik at lagi sa bahay.

[28]Higit ang pagtingin ni Isaac kay Esau, palibhasa'y kinawiwilihan niyang
kainin ang mga nahuhuli nito sa pangangaso, samantalang si Jacob naman
ang mas mahal ni Rebeca.

[29]Minsan, si Jacob ay nagluluto ng sinabawang pulang patani; siya namang
pagdating ni Esau mula sa pangangaso.

[30]Sinabi niya, "Gutom na gutom na ako, bigyan mo naman ako niyang
mapulang niluluto mo." At dahil dito'y tinawag siyang Edom.

[31]Sumagot si Jacob, "Ibigay mo muna sa akin ang iyong karapatan bilang
panganay."

[32]"Payag na ako," sabi ni Esau, "aanhin ko pa ang pagiging panganay kung
mamamatay naman ako sa gutom?"

[33]"Kung gayon," sabi ni Jacob, "sumumpa ka muna." Sumumpa nga si Esau,
at ibinigay kay Jacob ang karapatan ng pagiging panganay.

[34]Ibinigay naman ni Jacob kay Esau ang niluto niyang gulay at binigyan pa
ito ng tinapay. Matapos kumai't uminom, umalis na agad si Esau. Iyon lamang
ang halaga sa kanya ng kanyang karapatan bilang panganay.

## Genesis 26

### Si Isaac sa Gerar at sa Beer-seba

[1]Tulad ng nangyari nang panahon ni Abraham, nagkaroon muli ng taggutom
sa lupain ng Canaan, kaya't nakarating si Isaac sa Gerar, sakop ni Abimelec
na hari ng mga Filisteo.

[2]Nagpakita si Yahweh kay Isaac at nagsabi, "Huwag kang pupunta sa Egipto;
manirahan ka sa lupaing ituturo ko sa iyo.

[3]Dito ka muna; sasamahan kita at pagpapalain. Ibibigay ko sa iyo at sa iyong
lahi ang buong lupaing ito, tulad ng aking ipinangako sa iyong amang si
Abraham.

[4]Pararamihin kong gaya ng mga bituin sa kalangitan ang iyong lahi, at lahat
ng lupaing ito'y ibibigay ko sa kanila. At hihilingin sa akin ng lahat ng bansa
sa daigdig na sila'y pagpalain ko tulad ng ginagawa ko sa iyong lahi.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[5]Pagpapalain kita dahil kay Abraham, sapagkat sinunod niya ako at tinupad ang aking mga utos."

[6]Doon nga tumira si Isaac sa Gerar.

[7]Kung tinatanong siya ng mga tagaroon tungkol kay Rebeca, sinasabi niyang ito'y kanyang kapatid. Inililihim niyang mag-asawa sila sa takot na siya'y patayin para makuha si Rebeca, sapagkat ito'y maganda.

[8]Hindi pa sila nagtatagal sa lugar na iyon, nadungawan minsan ni Abimelec sina Isaac at Rebeca na naglalambingan.

[9]Ipinatawag agad ni Abimelec si Isaac at ang sabi'y, "Tiyak na asawa mo ang babaing iyon, hindi ba? Bakit ang sabi mo'y kapatid mo?" "Natatakot po ako na baka ako'y patayin kung sabihin kong asawa ko siya," tugon ni Isaac.

[10]"Bakit mo ito ginawa sa amin?" wika ni Abimelec. "Kung siya'y ginalaw ng isa sa mga tauhan ko, isinubo mo pa kami sa kapahamakan!"

[11]At sinabi ni Abimelec sa kanyang nasasakupan, "Papatayin ang sinumang umapi sa mag-asawang ito."

[12]Nang taóng iyon, si Isaac ay nagsaka sa lupain ng Gerar at makasandaang ibayo ang kanyang inani kaysa kanyang itinanim. Pinagpala siya ni Yahweh.

[13]Patuloy na lumago ang kanyang kabuhayan, at siya'y naging napakayaman.

[14]Nainggit sa kanya ang mga Filisteo sapagkat marami siyang alipin at mga kawan ng tupa at baka.

[15]Kaya't tinabunan nila ang mga balong ginawa ng mga alipin ni Abraham noong ito'y nabubuhay pa.

[16]Sinabi ni Abimelec, "Umalis ka na, Isaac; mas makapangyarihan ka pa ngayon kaysa amin."

[17]Kaya, umalis si Isaac at nanirahan muna sa libis ng Gerar.

[18]Ipinahukay niyang muli ang mga balon ni Abraham na tinabunan ng mga Filisteo. At ang mga balong iyon ay tinawag ni Isaac sa dating tawag dito ng kanyang ama.

[19]Ang mga tauhan ni Isaac ay nakahukay ng isang malakas na bukal sa libis,

[20]ngunit nakipag-away ang mga pastol na taga-Gerar at inangkin ang bukal ng tubig na iyon. Kaya't ang balong iyon ay tinawag ni Isaac na "Balon ng Away" sapagkat sila'y inaway ng mga tagaroon.

[21]Nang makahukay muli sila, nakipagtalo na naman sa kanila ang mga taga-Gerar, kaya't tinawag naman itong "Balon ng Pagtatalo."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Lumayo sila roon at humukay ng ibang balon. Wala nang umangkin nito, kaya't tinawag niyang “Balon ng Kalayaan.” Ang sabi niya, “Uunlad tayo sa lupaing ito, sapagkat binigyan tayo ni Yahweh ng kalayaang mamuhay sa lupaing ito.”

23Umalis si Isaac at nagpunta sa Beer-seba.

24Nang gabing iyon, nagpakita sa kanya si Yahweh, at ang sabi, “Ako ang Diyos ng iyong amang si Abraham, huwag kang matakot, sapagkat sasamahan kita; pagpapalain kita, at pararamihin ko ang iyong lahi alang-alang kay Abraham na tapat kong alipin.”

25Nagtayo si Isaac ng altar doon at sinamba si Yahweh. Tumigil sila sa lugar na iyon at humukay muli ng balon ang kanyang mga alipin.

### Ang Kasunduan ni Isaac at ni Abimelec

26Dumating si Abimelec buhat sa Gerar kasama si Ahuzat na kanyang tagapayo at si Picol na pinuno ng kanyang hukbo.

27Tinanong siya ni Isaac, “Bakit mo ako dinalaw? Hindi ba't galit ka sa akin at ako'y pinaalis mo sa iyong bayan?”

28Ito ang sagot nila: “Naniniwala na kami ngayon na kasama mo ang Diyos; nais naming makipagkasundo sa iyo. Ipangako mo sanang

29hindi mo kami pipinsalain, sapagkat hindi ka rin naman namin pininsala. Pinakitaan ka namin ng mabuti at hindi ka ginambala sa iyong pag-alis. Ikaw ngayon ang pinagpapala ni Yahweh.”

30Naghanda si Isaac ng malaking salu-salo at sila'y nagkainan at nag-inuman.

31Kinaumagahan, sila'y nagsumpaang magiging magkaibigan, at saka mapayapang naghiwalay.

32Nang araw ring iyon, ibinalita ng mga alipin ni Isaac na sila'y nakahukay na ng tubig.

33Tinawag niyang “Balon ng Panata” ang balong iyon. Kaya, hanggang ngayon ay Beer-seba ang tawag sa lunsod na itinayo roon.

### Nag-asawa ng mga Dayuhan si Esau

34Apatnapung taon si Esau nang siya'y mag-asawa; si Judit na anak ng Heteong si Beeri ang napangasawa niya. Naging asawa rin niya si Basemat, anak naman ni Elon, isa ring Heteo.

35Ang dalawang ito ang naging dahilan ng malaking sama ng loob nina Isaac at Rebeca.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Genesis 27

### Nakuha ni Jacob ang Pagpapala

1 Si Isaac ay matanda na at halos hindi na makakita, kaya ipinatawag niya si Esau, ang anak niyang panganay.

2 Sinabi niya rito, “Anak, matanda na ako at malapit nang mamatay.

3 Pumunta ka sa parang at mangaso. Ihuli mo ako ng hayop

4 at lutuin ang putahing gusto ko. Pagkakain ko'y igagawad ko sa iyo ang aking basbas bago ako mamatay.”

5 Nakikinig pala si Rebeca samantalang kinakausap ni Isaac si Esau. Kaya't nang umalis ito upang sundin ang bilin ng ama,

6 tinawag ni Rebeca si Jacob at sinabi, “Narinig ko ang sinabi ng iyong ama kay Esau:

7 ‘Ihuli mo ako ng hayop at lutuin mo para sa akin. Pagkakain ko, babasbasan kita sa harapan ni Yahweh bago ako mamatay.’

8 Kaya't ganito ang gawin mo, anak:

9 Kumuha ka agad ng dalawang kambing na mataba at iluluto ko para sa iyong ama. Ipaghahanda ko siya ng pagkaing gustung-gusto niya,

10 at ipakain mo sa kanya upang ikaw ang mabigyan ng basbas bago siya mamatay!”

11 Ngunit sumagot si Jacob sa kanyang ina, “Balbon po si Esau, samantalang ako'y hindi.

12 Malalaman ng aking ama na nililinlang ko siya kapag ako'y kanyang nahipo; susumpain niya ako sa halip na basbasan.”

13 Sumagot ang ina, “Hayaan mong sa akin tumalab ang anumang sumpa niya. Basta't sumunod ka, anak; ako na ang bahala. Kumuha ka na ng kambing.”

14 Kumuha nga si Jacob ng kambing, at iniluto ng kanyang ina ang putahing gustung-gusto ng kanyang ama.

15 Binihisan ni Rebeca si Jacob ng pinakamagarang damit ni Esau na nakatabi sa bahay.

16 Ang mga braso at leeg ni Jacob na walang balahibo'y binalutan niya ng balat ng kambing.

17 Pagkatapos, ipinadala sa anak ang putahe na may kasama pang tinapay na niluto rin niya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Lumapit si Jacob kay Isaac. “Ama!” sabi niya. “Sino ka ba?” tanong nito.

19“Ako po si Esau,” sagot ni Jacob. “Nagawa ko na po ang inyong iniuutos sa akin. Narito na po ang gusto ninyong pagkain; bumangon na kayo at kainin na ninyo ito nang ako'y mabasbasan na ninyo pagkatapos.”

20“Napakadali mo naman yatang nakahuli?” tanong ni Isaac. “Tinulungan po ako ni Yahweh na inyong Diyos,” sagot ni Jacob.

21Nagtanong muli si Isaac, “Ikaw ba talaga si Esau? Lumapit ka nga rito nang matiyak ko kung ikaw nga.”

22Lumapit naman si Jacob at siya'y hinawakan ng ama. “Kay Jacob ang tinig ngunit ang bisig ay parang kay Esau!” wika ni Isaac.

23Hindi niya nakilala si Jacob, sapagkat ang mga bisig nito'y mabalahibo ring tulad ng kay Esau. Babasbasan na sana ni Isaac si Jacob,

24ngunit muli pang nagtanong, “Ikaw nga ba si Esau?” “Ako nga po,” tugon ni Jacob.

25Kaya't sinabi ni Isaac, “Kung gayon, akin na ang pagkain at pagkakain ko'y babasbasan kita.” Iniabot ni Jacob ang pagkain at binigyan din niya ng alak.

26“Halika anak, at hagkan mo ako,” sabi ng ama.

27Nang lumapit si Jacob upang hagkan ang ama, naamoy nito ang kanyang kasuotan, kaya't siya'y binasbasan: “Ang masamyong halimuyak ng anak ko, ang katulad ay samyo ng kabukirang si Yahweh ang nagbasbas;

28Bigyan ka nawa ng Diyos, ng hamog buhat sa itaas, upang tumaba ang lupa mo't ikaw nama'y makaranas ng saganang pag-aani at katas ng ubas.

29Hayaan ang mga bansa'y gumalang at paalipin; bilang pinuno, ikaw ay kilalanin. Igagalang ka ng mga kapatid mo, mga anak ng iyong ina ay yuyuko sa iyo. Sila nawang sumusumpa sa iyo ay sumpain din, ngunit ang nagpapala sa iyo ay pagpalain.”

30Matapos igawad ni Isaac ang kanyang basbas, umalis si Jacob. Siya namang pagdating ni Esau na may dalang usa.

31Niluto niya ito nang masarap at dinala sa ama. Sinabi niya, “Maupo kayo, ama, at kainin ninyo ang dala kong pagkain upang ako'y inyong mabasbasan.”

32“Sino ka ba?” tanong ni Isaac. “Si Esau po, ang inyong panganay,” tugon naman niya.

33Nanginig ang buong katawan ni Isaac. Sabi niya, “Kung gayo'y sino ang naunang nagdala sa akin ng pagkain? Katatapos ko lang kumain nang ika'y dumating. Binasbasan ko na siya at tataglayin niya iyon magpakailanman.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

34Humagulgol ng iyak si Esau nang marinig ito at nagmamakaawa, "Basbasan din po ninyo ako, ama!"

35Ngunit sinabi ni Isaac, "Nilinlang ako ng iyong kapatid kaya nakuha niya ang basbas ko para sa iyo."

36Nagsalita si Esau, "Dalawang beses na niya akong dinaya, kaya pala Jacob ang kanyang pangalan! Kinuha na niya ang aking karapatan bilang panganay, at ngayo'y inagaw niya pati ang basbas na ukol sa akin! Wala na ba kayong nalalabing basbas para sa akin?"

37"Wala na akong magagawa, anak," sagot ni Isaac. "Siya'y panginoon mo na ngayon; ginawa ko nang alipin niya ang kanyang mga kamag-anak. Ibinigay ko na sa kanya ang kasaganaan sa pagkain at inumin, kaya wala nang nalalabi para sa iyo."

38Ngunit patuloy na nagmamakaawa sa kanyang ama si Esau, "Talaga bang iisa lang ang inyong basbas, ama? Basbasan na rin ninyo ako." At patuloy siyang nanangis.

39Sinabi ni Isaac sa kanya, "Ang magiging tahanan mo'y malayo sa kasaganaan, pati hamog mula sa langit, ika'y pagkakaitan.

40Tabak mo ang iyong ikabubuhay, kapatid mo'y iyong paglilingkuran; upang kalayaa'y iyong makamit, kailangang ikaw ay maghimagsik."

41Namuhi si Esau kay Jacob sapagkat ito ang binasbasan ng kanyang ama. Kaya't ganito ang nabuo sa kanyang isipan: "Pagkamatay ng aking ama, at ito'y hindi na magtatagal, papatayin ko si Jacob!"

42May nakapagsabi kay Rebeca tungkol sa balak ni Esau, kaya't ipinagbigay-alam niya agad ito kay Jacob. Sinabi niya, "Anak, binabalak ng iyong kapatid na patayin ka upang makapaghiganti siya.

43Makinig ka sa akin, anak. Umalis ka kaagad! Pumunta ka sa Haran at doon ka muna tumira sa aking kapatid na si Laban.

44Doon ka muna hanggang hindi humuhupa ang galit ng iyong kapatid;

45malilimutan din niya ang ginawa mo sa kanya. Hayaan mo't pababalitaan kita kung maaari ka nang bumalik. Masakit man sa loob ko ang malayo ka sa akin, lalong hindi ko matitiis ang kayo'y parehong mawala sa akin."

### Pinapunta ni Isaac si Jacob kay Laban

46Sinabi ni Rebeca kay Isaac, "Hirap na hirap na ang loob ko sa mga dayuhang asawa ni Esau. Kapag Hetea ring tulad nila ang napangasawa ni Jacob, mabuti pang mamatay na ako."

## Genesis 28

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Kaya tinawag ni Isaac si Jacob at matapos basbasan ay pinagbilinan, "Huwag kang mag-aasawa ng Cananea.

2Pumunta ka sa Mesopotamia, sa bayan ng iyong Lolo Bethuel. Doon ka pumili ng mapapangasawa sa mga pinsan mo, sa mga anak ng iyong Tiyo Laban.

3Sa iyong pag-aasawa, pagpalain ka ng Makapangyarihang Diyos, at nawa'y magkaroon ka ng maraming anak upang ikaw ay maging ama ng maraming bansa.

4Pagpalain ka nawa niya, gayundin ang iyong lahi, tulad ng ginawa niya kay Abraham. Mapasaiyo nawa ang lupaing ito na iyong tinitirhan, ang lupang ipinangako ng Diyos kay Abraham."

5Pinapunta nga ni Isaac si Jacob sa Mesopotamia, sa kanyang Tiyo Laban na anak ni Bethuel na taga-Aram. Si Laban ay kapatid ni Rebeca na ina nina Jacob at Esau.

### Nag-asawa si Esau ng Isa pa

6Nalaman ni Esau na pinapunta ni Isaac si Jacob sa Mesopotamia upang doon mag-asawa. Nalaman din niya na pagkatapos basbasan si Jacob ay pinagbawalan itong mag-asawa ng babaing taga-Canaan.

7Nalaman din niyang sinunod ni Jacob ang kanyang ama't ina at nagpunta nga sa Mesopotamia.

8Nang mabatid ni Esau na ayaw ng kanyang ama sa babaing Cananea,

9nagpunta siya sa kanyang Tiyo Ismael na anak din ng kanyang Lolo Abraham. Nag-asawa siya ng isa pa, ang pinsan niyang si Mahalat na kapatid ni Nebayot at anak ni Ismael.

### Nanaginip si Jacob sa Bethel

10Umalis nga si Jacob sa Beer-seba at nagpunta sa Haran.

11Inabot siya nang paglubog ng araw sa isang lugar at minabuti niyang doon na magpalipas ng gabi. Isang bato ang inunan niya sa kanyang pagtulog.

12Nang gabing iyon, siya'y nanaginip. May nakita siyang hagdan na abot sa langit at nagmamanhik-manaog doon ang mga anghel ng Diyos.

13Walang anu-ano'y nakita niya si Yahweh sa tabi niya. Wika sa kanya, "Ako si Yahweh, ang Diyos ni Abraham at ni Isaac. Ang lupang ito na iyong hinihigan ay ibibigay ko sa iyo at sa iyong lahi.

14Darami sila na parang alikabok sa lupa at lalaganap sila sa apat na sulok ng daigdig. Sa pamamagitan mo at ng iyong lahi ay pagpapalain ang lahat ng bansa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Tandaan mo, susubaybayan kita at ipagtatanggol saan ka man magpunta, at ibabalik kita sa lupaing ito. Hindi kita iiwan hanggang sa matupad ang lahat ng sinabi ko sa iyo."

16Nagising si Jacob at ang sabi, "Hindi ko alam na narito pala si Yahweh!

17Nakakapangilabot ang lugar na ito! Tiyak na ito ang tahanan ng Diyos at ang pintuan ng kalangitan."

18Maagang gumising si Jacob nang umagang iyon. Kinuha niya ang inunang bato at itinayo bilang isang alaala. Binuhusan niya ito ng langis at itinalaga sa Diyos.

19Tinawag niyang Bethel ang lugar na iyon na dati'y tinatawag na Luz.

20Nangako si Jacob nang ganito: "O Yahweh, kung ako'y sasamahan ninyo at iingatan sa paglalakbay na ito, pakakainin at dadamitan,

21at makakabalik na muli sa bahay ng aking ama, kayo po ang aking magiging Diyos.

22Sasambahin kayo sa lugar na ito na pinagtayuan ko ng batong alaalang ito, at ibabalik ko sa inyo ang ikasampung bahagi ng lahat ng ipinagkakaloob ninyo sa akin."

## Genesis 29

### Dumating si Jacob kina Laban

1Nagpatuloy si Jacob sa kanyang paglalakbay hanggang sa dumating siya sa lupain ng mga taga-Silangan.

2May nakita siyang isang balon ng tubig sa kaparangan. Sa paligid nito'y may tatlong kawan ng mga tupang nagpapahinga, sapagkat doon pinapainom ang mga ito. Ang balon ay may takip na malaking bato,

3at binubuksan lamang ito kapag papainumin na ang mga tinipong kawan. Matapos painumin ang mga ito, muli nilang tinatakpan ang balon.

4Tinanong ni Jacob ang mga pastol na naroon, "Tagasaan kayo, mga kaibigan?" "Taga-Haran," tugon nila.

5"Kilala ba ninyo si Laban na apo ni Nahor?" tanong niyang muli. "Oo," sagot naman nila.

6"Kumusta na siya?" tanong pa niya. "Mabuti," sabi naman nila. "Hayun at dumarating si Raquel, ang anak niyang dalaga! Kasama niya ang kawan ng kanyang ama."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7“Maaga pa naman,” sabi ni Jacob, “bakit hindi ninyo painumin ang mga tupa at dalhin muna sa pastulan bago ikulong?”

8“Aba, hindi maaari!” sagot ng mga pastol. “Ang lahat ng pastol ay kailangang narito bago buksan ang balon; saka pa lamang kami maaaring magpainom.”

9Nakikipag-usap pa si Jacob nang dumating si Raquel na kasama ang kawan ng kanyang ama.

10Nang makita ni Jacob si Raquel na kasama ang kawan ni Laban, binuksan ni Jacob ang balon at pinainom ang mga tupa.

11Pagkatapos, nilapitan niya ang dalaga at hinagkan; napaiyak siya sa tuwa.

12Sinabi niya, “Ako'y pamangkin ng iyong ama, anak ng iyong Tiya Rebeca!” Patakbong umuwi si Raquel at ibinalita ito sa ama.

13Sinalubong naman agad ni Laban ang kanyang pamangkin. Niyakap niya ito at hinagkan, saka isinama sa kanila. Nang maisalaysay ni Jacob ang lahat,

14sinabi sa kanya ni Laban, “Tunay na ikaw ay laman ng aking laman at dugo ng aking dugo!” At doon na siya tumira sa loob ng isang buwan.

**Naglingkod si Jacob Dahil kina Raquel at Lea**

15Pagkalipas ng isang buwan, sinabi ni Laban kay Jacob, “Hindi dahil magkamag-anak tayo ay pagtatrabahuhin kita nang walang bayad; magkano bang dapat kong isweldo sa iyo?”

16Si Laban ay may dalawang anak na dalaga. Si Lea ang nakatatanda at si Raquel naman ang nakababata.

17Mapupungay ang mga mata ni Lea, ngunit mas maganda at kaakit-akit si Raquel.

18Nabighani si Jacob kay Raquel, kaya't ang sabi niya kay Laban, “Paglilingkuran ko kayo nang pitong taon para kay Raquel.”

19Sinabi ni Laban, “Mas gusto ko ngang ikaw ang mapangasawa niya kaysa iba. Sige, dumito ka na.”

20Pitong taóng naglingkod si Jacob upang mapasakanya si Raquel, ngunit iyon ay parang katumbas lamang ng ilang araw dahil sa laki ng kanyang pag-ibig dito.

21Sinabi ni Jacob kay Laban, “Dumating na po ang panahong dapat kaming makasal ng inyong anak.”

22Naghanda nang malaki si Laban at inanyayahan ang lahat ng tagaroon.

23Ngunit nang gabing iyon, hindi alam ni Jacob na ang pinasiping sa kanya ay si Lea, sa halip na si Raquel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Ibinigay naman ni Laban kay Lea ang alipin nitong si Zilpa.

25Kinaumagahan, nakita ni Jacob na si Lea pala ang kanyang kasiping. Kaya sinabi niya kay Laban, "Bakit ninyo ito ginawa sa akin? Bakit ninyo ako nilinlang? Naglingkod ako sa inyo para kay Raquel, hindi po ba?"

26Sumagot si Laban, "Hindi kaugalian dito sa amin na mauna pang mag-asawa ang nakababatang kapatid.

27Patapusin mo muna ang sanlinggong pagdiriwang na ito at pagkatapos ay ibibigay ko sa iyo si Raquel kung maglilingkod ka sa akin ng pitong taon pa."

28Sumang-ayon naman si Jacob at nang matapos ang pagdiriwang, ibinigay nga sa kanya ni Laban si Raquel bilang asawa.

29Ibinigay rin ni Laban kay Raquel ang alipin nitong si Bilha.

30Sa wakas, naangkin ni Jacob si Raquel; mas mahal niya ito kaysa kay Lea. Kaya't naglingkod pa si Jacob kay Laban nang pitong taon pa.

**Ang mga Anak ni Jacob**

31Alam ni Yahweh na si Lea ay di gaanong mahal ni Jacob, kaya't niloob niyang magkaanak na ito, samantalang si Raquel ay baog.

32Lalaki ang unang anak ni Lea. Ang sabi niya, "Nakita ni Yahweh ang aking suliranin. Ngayon, tiyak na mamahalin ako ng aking asawa." Kaya't Ruben ang ipinangalan niya rito.

33Nagdalang-tao siyang muli at lalaki na naman ang kanyang naging anak. Kanyang sinabi, "Kaloob din ito sa akin ni Yahweh, dahil narinig niyang ako'y hindi mahal ng aking asawa." Kaya't tinawag naman niya itong Simeon.

34Muling nagdalang-tao si Lea at lalaki uli ang naging anak. Sinabi niya, "Lalo akong mapapalapit sa aking asawa, sapagkat tatlong lalaki na ang aming anak." At tinawag niya itong Levi.

35Nagdalang-tao siyang muli at lalaki pa rin ang kanyang anak. Sinabi niya, "Ngayo'y pupurihin ko si Yahweh." Kaya't tinawag niya itong Juda. Pagkatapos noo'y hindi na siya nagkaanak.

## Genesis 30

1Nainggit si Raquel sa kanyang kapatid sapagkat hindi siya magkaanak. Sinabi niya kay Jacob, "Mamamatay ako kapag hindi pa tayo nagkaanak."

2Nagalit si Jacob at sinabi kay Raquel, "Bakit, Diyos ba ako na pumipigil sa iyong panganganak?"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Kaya't sinabi ni Raquel, "Kung gayon, sipingan mo ang alipin kong si Bilha upang magkaanak ako sa pamamagitan niya."

4At pinasiping niya kay Jacob ang kanyang aliping si Bilha.

5Nagdalang-tao ito at nanganak ng lalaki.

6"Panig sa akin ang hatol ng Diyos," sabi ni Raquel. "Dininig niya ang aking dalangin at pinagkalooban ako ng anak na lalaki." Kaya Dan ang ipinangalan niya rito.

7Muling nagdalang-tao si Bilha at nanganak ng isa pang lalaki.

8Sinabi ni Raquel, "Naging mahigpit ang labanan naming magkapatid, ngunit ako ang nagtagumpay." Kaya, tinawag niyang Neftali ang bata.

9Nang mapag-isip-isip ni Lea na hindi na siya nanganganak, ibinigay naman niya kay Jacob si Zilpa,

10at nagkaanak ito ng lalaki.

11"Mapalad ako," sabi ni Lea, "kaya, Gad ang ipapangalan ko sa kanya."

12Si Zilpa'y muling nagdalang-tao at nagkaanak ng isa pang lalaki.

13Sinabi ni Lea, "Masayang-masaya ako! Masaya ang itatawag sa akin ng mga babae." Kaya't tinawag niyang Asher ang bata.

14Anihan na noon ng trigo. Samantalang naglalakad sa kaparangan, si Ruben ay nakakita ng bunga ng mondragora at dinala niya ito kay Lea na kanyang ina. "Bigyan mo naman ako ng mondragorang dala ng iyong anak," pakiusap ni Raquel kay Lea.

15Sinagot siya ni Lea, "Hindi ka pa ba nasisiyahang nakuha mo ang aking asawa, at ngayo'y gusto mo pang kunin pati mondragora ng aking anak?" Sinabi ni Raquel, "Bigyan mo ako ng mondragora, sa iyo na si Jacob ngayong gabi."

16Gabi na nang dumating noon si Jacob galing sa kaparangan. Sinalubong agad siya ni Lea at sinabi, "Sa akin ka sisiping ngayong gabi; si Raquel ay binigyan ko ng mondragorang dala ng aking anak para sa karapatang ito." Nagsiping nga sila nang gabing iyon,

17at dininig ng Diyos ang dalangin ni Lea. Nagdalang-tao siya at ito ang panlimang anak nila ni Jacob.

18Kaya't sinabi ni Lea, "Ginantimpalaan ako ng Diyos sapagkat ipinagkaloob ko sa aking asawa ang aking alipin;" at pinangalanan niyang Isacar ang kanyang anak.

19Muling nagdalang-tao si Lea, at ito ang pang-anim niyang anak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Kaya't ang sabi niya, “Napakainam itong kaloob sa akin ng Diyos! Ngayo'y pahahalagahan na ako ng aking asawa, sapagkat anim na ang aming anak.” Ang anak niyang ito'y tinawag naman niyang Zebulun.

[21]Di nagtagal, nagkaanak naman siya ng babae, at ito'y tinawag niyang Dina.

[22]Sa wakas, nahabag din ang Diyos kay Raquel at dininig ang kanyang dalangin.

[23]Nagdalang-tao siya at nagkaanak ng isang lalaki. Kaya't sinabi niya, “Tinubos din ako ng Diyos sa aking kahihiyan at niloob na ako'y magkaanak.”

[24]At tinawag niyang Jose ang kanyang anak sapagkat sinabi niyang “Sana'y bigyan ako ni Yahweh ng isa pa.”

**Ang Kasunduan ni Jacob at ni Laban**

[25]Nang maipanganak si Jose, sinabi ni Jacob kay Laban, “Pahintulutan na po ninyo akong makauwi.

[26]Isasama ko na po ang aking mga asawa at mga anak. Marahil po nama'y sapat na ang aking ipinaglingkod sa inyo dahil sa kanila.”

[27]Sinabi ni Laban, “Kung mamarapatin mo'y ito ang sasabihin ko: Batay sa karanasan ko sa panghuhula, tunay na pinagpala ako ni Yahweh dahil sa iyo.

[28]Sabihin mo kung magkano ang dapat kong ibayad sa iyo at babayaran kita.”

[29]Sumagot si Jacob, “Alam naman ninyo kung paano ako naglingkod sa inyo at kung paano dumami ang inyong kawan sa aking pangangasiwa.

[30]Ang kaunti ninyong kabuhayan bago ako dumating ay maunlad na ngayon, sapagkat pinagpala kayo ni Yahweh dahil sa akin. Kaya, dapat namang iukol ko na ngayon ang aking panahon sa aking sambahayan.”

[31]“Ano ang gusto mong ibayad ko sa iyo?” tanong ni Laban. Sumagot si Jacob, “Hindi ko po kailangang ako'y bayaran pa ninyo. Patuloy kong aalagaan ang inyong kawan, kung sasang-ayon kayo sa isang kondisyon.

[32]Pupunta ako sa inyong kawan ngayon din at ibubukod ko ang mga tupang itim, gayon din ang mga batang kambing na may tagping puti. Iyon na po ang para sa akin.

[33]Sa darating na panahon, madali ninyong malalaman kung ako'y tapat sa inyo o hindi. Tuwing titingnan ninyo ang mga hayop na naging kabayaran ninyo sa akin, at mayroon kayong makitang hindi itim na tupa o kaya'y kambing na walang tagpi, masasabi ninyong ninakaw ko iyon sa inyo.”

[34]“Mabuti! Iyan ang ating gagawin,” tugon ni Laban.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

35Ngunit nang araw ring iyon, ibinukod ni Laban ang lahat ng kambing na may tagpi maging barako o inahin, gayundin ang mga tupang itim at ito'y pinaalagaan niya sa kanyang mga anak na lalaki.

36Iniwan niya kay Jacob ang natira sa kawan at silang mag-aama'y lumayo nang may tatlong araw na paglalakbay, dala ang alaga nilang kawan.

37Pumutol naman si Jacob ng mga sariwang sanga ng alamo, almendra at platano, at binalatan niya ang ibang parte upang magmukhang may batik.

38Inilagay niya ito sa painuman upang makita ng mga hayop tuwing iinom. Sa ganoong pagkakataon nag-aasawahan ang mga hayop.

39Napaglihian ang mga batik-batik na sanga, kaya naging batik-batik ang kanilang bisiro.

40Ibinukod niya ang mga hayop na tagpian at itim sa kawan ni Laban upang ang mga ito ang laging natatanaw ng mga tupang puti. Sa gayon, parami nang parami ang sarili niyang kawan at ito'y hindi niya inihahalo sa kawan ni Laban.

41Ang batik-batik na sanga ng kahoy ay inilalagay lamang ni Jacob sa painuman kung malulusog na hayop ang nag-aasawahan.

42Ngunit hindi niya ito ginagawa kung ang mga hayop na nag-aasawahan ay hindi malulusog. Kaya't malulusog ang kanyang mga hayop samantalang ang kay Laban ay hindi.

43Kaya't lalong yumaman si Jacob; lumaki ang kanyang kawan at dumami ang kanyang alipin, at mga kamelyo at asno.

## Genesis 31

### Nilayasan ni Jacob si Laban

1Nabalitaan ni Jacob na laging sinasabi ng kanyang mga bayaw na kinamkam na niyang lahat ang ari-arian ng kanilang ama at galing dito ang lahat niyang kayamanan.

2Napuna rin niyang nagbago na ang pakikitungo sa kanya ni Laban.

3Kaya sinabi sa kanya ni Yahweh, “Magbalik ka na sa lupain ng iyong mga magulang at mga kamag-anak at sasamahan kita.”

4Pinasabihan ni Jacob si Raquel at si Lea na tagpuin siya sa parang na kinaroroonan ng kanyang mga kawan.

5Sinabi niya sa kanila, “Napansin kong iba na ang pagtingin sa akin ng inyong ama, hindi na tulad ng dati. Subalit hindi ako pinabayaan ng Diyos ng aking mga magulang.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[6]Alam ninyong ginugol ko ang aking buong lakas sa paglilingkod sa inyong ama.

[7]Sa kabila noon, dinadaya pa rin niya ako. Sampung beses na niyang binabago ang kabayaran sa akin ngunit hindi ipinahintulot ng Diyos na ako'y maapi.

[8]Kapag sinabi ni Laban na ang ibabayad sa akin ay ang batik-batik, ang buong kawan ay nanganganak nang ganoon.

[9]Ang Diyos ang may kaloob na mapasaakin ang kawan ng inyong ama.

[10]“Sa panahon ng pag-aasawahan ng mga hayop, ako'y nanaginip. Nakita ko na pawang batik-batik ang lahat ng barakong kambing.

[11]Sa aking panaginip, tinawag ako ng anghel ng Diyos at ako nama'y sumagot.

[12]Ang sabi sa akin, ‘Jacob, masdan mo ang lahat ng mga barakong kambing, silang lahat ay may batik. Ginawa ko ito sapagkat alam kong dinadaya ka ni Laban.

[13]Ako ang Diyos na nagpakita sa iyo sa Bethel na kung saan ay binuhusan mo ng langis ang isang bato bilang alaala. Doon ay gumawa ka rin ng isang panata sa akin. Maghanda ka na at umalis ka sa lupaing ito; umuwi ka na sa iyong lupang sinilangan.’”

[14]Sinabi naman nina Raquel at Lea, “Wala na kaming mamanahin sa aming ama.

[15]Dayuhan na ang turing niya sa amin. Ipinagbili niya kami, at nilustay ang lahat ng pinagbilhan sa amin.

[16]Kaya, ang lahat ng kayamanang inalis ng Diyos sa aming ama ay sa amin at sa aming mga anak. Gawin mo ang sinasabi sa iyo ng Diyos.”

[17]Isinakay niya sa kamelyo ang kanyang mga asawa't mga anak.

[18]Dinala niya ang kanyang mga kawan at lahat ng kayamanang naipon niya sa Mesopotamia at bumalik sa Canaan, sa lupain ng kanyang amang si Isaac.

[19]Wala noon si Laban sapagkat naggugupit ito ng balahibo ng mga tupa. Sinamantala iyon ni Raquel upang kunin ang mga diyus-diyosan sa tolda ng kanyang ama.

[20]Nilinlang ni Jacob si Laban na Arameo; hindi niya ipinaalam ang kanyang pag-alis.

[21]Tinawid niya ang Ilog Eufrates papunta sa bulubundukin ng Gilead, dala ang lahat niyang ari-arian.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

**Hinabol ni Laban si Jacob**

22Makaraan ang tatlong araw, nalaman ni Laban ang pag-alis nina Jacob.

23Isinama niya ang kanyang mga tauhan at hinabol nila si Jacob. Inabot nila ito sa bulubundukin ng Gilead pagkaraan ng pitong araw.

24Nang gabing iyon, si Laban ay kinausap ng Diyos sa pamamagitan ng panaginip. Sinabi sa kanyang huwag pagbabantaan ng anuman si Jacob.

25Nang dumating si Laban, si Jacob ay nakapagtayo na ng kanyang tolda sa kaburulan. Nagtayo rin ng tolda si Laban sa kaburulang iyon ng Gilead.

26Tinanong ni Laban si Jacob, "Bakit mo ako nilinlang at itinakas mo pa ang aking mga anak na parang mga bihag?

27Bakit mo inilihim sa akin ang iyong pag-alis? Sana'y inihatid ko kayo na may tugtugan at awitan sa saliw ng tamburin at alpa.

28Hindi mo man lamang ako binigyan ng pagkakataong mahagkan ang aking mga anak at mga apo bago sila umalis. Napakalaking kahangalan ang ginawa mong ito!

29Kung sabagay, kaya kitang saktan, ngunit hindi ko iyon gagawin sapagkat kagabi'y sinabi sa akin ng Diyos ng iyong ama na huwag kitang pagbantaan sa anumang paraan.

30Alam kong ginawa mo ito dahil sabik na sabik ka nang umuwi sa inyo. Subalit bakit mo naman ninakaw ang aking mga diyos?"

31Sumagot si Jacob, "Natakot po ako na baka hindi ninyo pasamahin sa akin ang inyong mga anak.

32Ngayon, kung makita ninyo ang inyong mga diyos sa sinuman sa amin, dapat siyang mamatay. Saksi ang naritong mga kamag-anak natin; tingnan ninyo kung mayroon kayong anumang ari-arian dito at kunin ninyo." Hindi alam ni Jacob na si Raquel ang kumuha ng mga diyus-diyosan ni Laban.

33Hinalughog ni Laban ang tolda ni Jacob, ang kay Lea, at gayon din ang sa dalawang aliping babae, ngunit hindi niya nakita ang kanyang mga diyos. Pumasok din siya sa tolda ni Raquel,

34ngunit naitago na nito ang mga diyus-diyosan sa upuang nasa likod ng kamelyo at iyon ay kanyang inuupuan. Hinalughog na mabuti ni Laban ang buong tolda, ngunit wala siyang nakita.

35Sinabi ni Raquel sa kanyang ama, "Huwag po kayong magagalit sa akin kung sa harapan ninyo'y hindi ako makatayo, sapagkat ako po'y mayroon ngayon." Patuloy na naghanap si Laban, ngunit hindi rin niya nakita ang kanyang mga diyus-diyosan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

36Nagalit nang husto si Jacob at tinanong niya si Laban, “Ano bang pagkakasala ang ginawa ko sa inyo? May batas ba akong nilabag at gayon na lamang ang paghahalughog ninyo?

37Kung may nakuha kayong ari-arian sa sinuman sa amin, ilabas ninyo at hayaan ninyong hatulan tayo ng ating mga kasamahan!

38Dalawampung taon tayong nagkasama. Patuloy ang pagdami ng inyong mga tupa't kambing, at ni isang tupang barako sa kawan ninyo'y di ko pinangahasang kainin.

39Kung may tupang sinila ng mababangis na hayop, hindi ko na ipinapakita sa inyo. Pinapalitan ko agad. Pinipilit ninyo akong magbayad ng anumang nawawala, maging iyo'y ninakaw sa gabi o sa araw.

40Mahabang panahon akong nagtiis ng matinding init ng araw, at lamig ng gabi. Kulang na kulang ako sa tulog.

41Iyan ang naranasan ko sa loob ng dalawampung taóng kasama ninyo. Labing-apat na taon akong naglingkod sa inyo dahil sa dalawa ninyong anak na babae, at anim na taon pa para sa inyong mga kawan. Sa kabila noon, sampung beses ninyong binago ang ating partihan.

42Mabuti na lamang at kasama ko ang Diyos ng aking mga magulang, ang Diyos ni Abraham na sinamba ni Isaac. Kung hindi, marahil ay pinalayas ninyo ako nang walang kadala-dala. Alam ng Diyos ang aking hirap at pagod, kaya, kagabi'y pinagsabihan niya kayo.”

**Ang Kasunduan ni Jacob at ni Laban**

43Sinabi ni Laban kay Jacob, “Ang lahat ng dala mo'y akin: aking mga anak, aking mga apo at aking mga kawan. Ngunit ano pa ang magagawa ko?

44Ang mabuti'y gumawa tayo ng kasunduan. Magbunton tayo ng bato na siyang magpapaalaala ng ating kasunduan.”

45Naglagay si Jacob ng isang bato bilang isang alaala.

46Sinabi niya sa kanyang mga tauhan na maglagay rin doon ng bato. Pagkatapos, kumain sila sa tabi ng bunton ng mga bato.

47Ito'y tinawag ni Laban na Jegar-sahaduta, at Gal-ed naman ang itinawag doon ni Jacob,

48sapagkat sinabi ni Laban, “Ang buntong ito ng mga bato ang tagapagpaalala ng kasunduan nating dalawa.”

49Tinawag ding Mizpa ang lugar na iyon sapagkat sinabi ni Laban, “Bantayan nawa tayo ni Yahweh samantalang tayo'y magkalayo.

50Kapag inapi mo ang aking mga anak, o nag-asawa ka ng iba, alalahanin mo na wala man ako roon, ang Diyos ang saksi sa ating kasunduan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

51Pagkatapos, sinabi pa ni Laban, "Narito sa pagitan natin ang mga batong ibinunton ko, at narito rin ang batong inilagay mo.

52Ang mga ito ang ating palatandaan. Ito rin ang magiging hanggahan natin upang maiwasan ang paglusob sa isa't isa.

53Ang Diyos ni Abraham at ang Diyos ni Nahor ang hahatol sa atin." At sa pangalan ng Diyos na sinamba ng ama niyang si Isaac ay sumumpa si Jacob na tutupad siya sa kasunduang ito.

54Pagkatapos, nagpatay siya ng isang hayop at ito'y inihandog doon sa bundok. Nagsalu-salo sila at doon na rin nagpalipas ng gabi.

55Kinaumagahan, umuwi na si Laban matapos hagkan ang kanyang mga anak at mga apo.

## Genesis 32

### Humanda si Jacob na Salubungin si Esau

1Nagpatuloy si Jacob sa paglalakbay at sinalubong siya ng mga anghel ng Diyos.

2Kaya't sinabi niya, "Ito ang hukbo ng Diyos," kaya tinawag niyang Mahanaim ang lugar na iyon.

3Nagpadala siya ng mga sugo sa kapatid niyang si Esau sa lupain ng Seir, sa lupain ng Edom.

4Ganito ang kanyang ipinasabi: "Ako si Jacob na abang lingkod mo. Matagal akong nanirahan sa Tiyo Laban at ngayon lamang ako uuwi.

5Marami akong mga baka, asno, tupa, kambing at mga alipin. Pinauna ko ang mga sugong ito upang ipakiusap sa iyo na magkasundo na tayo."

6Pagbalik ng mga sugo, sinabi nila, "Nakausap po namin si Esau at ngayon po'y nasa daan na siya at may kasamang apatnaraang lalaki upang salubungin kayo."

7Natakot si Jacob at lubhang nabahala. Kaya't pinagdalawa niyang pangkat ang kanyang mga tauhan pati mga hayop

8upang, kung salakayin sila ni Esau, ang isang pangkat ay makakatakas.

9At nanalangin si Jacob, "Diyos ni Abraham at ni Isaac, tulungan po ninyo ako! Sinabi po ninyong ako'y bumalik sa aming lupain at mga kamag-anak, at hindi ninyo ako pababayaan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Hindi po ako karapat-dapat sa lahat ng kagandahang-loob ninyo sa akin. Nang tumawid po ako sa Jordan, wala akong dala kundi tungkod, ngunit ngayon sa aking pagbabalik, dalawang pangkat na ang aking kasama.

11Iligtas ninyo ako sa kamay ng aking kapatid na si Esau. Nangangamba po akong sa pagkikita nami'y patayin niya kami pati mga babae at mga bata.

12Nangako po kayong hindi ninyo ako pababayaan. Sinabi ninyong pararamihin ninyo ang aking lahi, sindami ng mga buhangin sa dagat."

13Kinabukasan, si Jacob ay naghanda ng regalo para kay Esau. Pumili siya ng

14dalawampung barako at dalawandaang inahing kambing, dalawandaang inahing tupa at dalawampung barako,

15tatlumpung gatasang kamelyo na may mga anak, apatnapung inahing baka at sampung toro, at dalawampung inahing asno at sampung lalaking asno.

16Bawat kawan ay ipinagkatiwala niya sa isang alipin. Sinabi niya sa kanila, "Mauna kayo sa akin, ngunit huwag kayong magsasabay-sabay; lagyan ninyo ng pagitan ang bawat kawan."

17Sinabi niya sa naunang alipin, "Kung masalubong mo ang aking kapatid at tanungin ka, 'Sino ang iyong panginoon? Saan ka pupunta? Kaninong mga hayop ito?'

18Sabihin mong, 'Ito po'y galing sa inyong lingkod na si Jacob. Regalo po niya ito sa panginoon niyang si Esau.' Sabihin mo ring kasunod na ninyo ako."

19Ganito rin ang iniutos niya sa pangalawa, pangatlo at sa lahat ng aliping kasama ng kawan.

20Ipinasabi rin niya sa mga ito na siya'y kasunod nila. Inisip ni Jacob na sa ganitong paraa'y patatawarin siya ni Esau, kung sila'y magtagpo, dahil sa mga regalong padala niya.

21Ang mga regalong ito'y nauna sa kanya; nagpahinga muna siya sa kanyang kampo nang gabing iyon.

**Nakipagbuno si Jacob sa Peniel**

22Nang gabi ring iyon, gumising si Jacob at itinawid sa Ilog Jabok ang dalawa niyang asawa, labing-isang anak at dalawang asawang-lingkod.

23Pagkatapos maitawid ang lahat niyang ari-arian,

24naiwang mag-isa si Jacob. Doon, nakipagbuno sa kanya ang isang lalaki hanggang sa pagbubukang-liwayway.

25Nang maramdaman ng lalaki na hindi niya madadaig si Jacob, hinampas niya ito sa balakang at ang buto nito'y nalinsad.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[26]Sinabi ng lalaki, “Bitiwan mo na ako at magbubukang-liwayway na!” “Hindi kita bibitiwan hangga't hindi mo ako binabasbasan,” wika ni Jacob.

[27]Tinanong ng lalaki kung sino siya, at sinabi niyang siya'y si Jacob.

[28]Sinabi sa kanya ng lalaki, “Mula ngayo'y Israel na ang itatawag sa iyo, at hindi na Jacob, sapagkat nakipagbuno ka sa Diyos at sa mga tao, at ikaw ay nagtagumpay.”

[29]“Ano namang pangalan ninyo?” tanong ni Jacob. “Bakit gusto mo pang malaman?” sagot naman ng lalaki. At binasbasan niya si Jacob.

[30]Sinabi ni Jacob, “Nakita ko ang mukha ng Diyos, gayunma'y buháy pa rin ako.” At tinawag niyang Peniel ang lugar na iyon.

[31]Sumisikat na ang araw nang umalis siya roon at papilay-pilay na lumakad.

[32]Iyon ang dahilan kung bakit hanggang ngayo'y hindi kinakain ng mga Israelita ang litid ng pigi ng hayop, sapagkat iyon ang bahaging napilay kay Jacob.

## Genesis 33

### Nagkita sina Jacob at Esau

[1]Natanaw ni Jacob na dumarating si Esau kasama ang apatnaraan niyang tauhan. Kaya't pinasama niya ang mga bata sa kani-kanilang ina.

[2]Nasa unahan ang dalawang asawang-lingkod at ang kanilang mga anak, kasunod si Lea at ang kanyang mga anak, at sa hulihan si Raquel at ang anak nitong si Jose.

[3]Umuna si Jacob sa kanilang lahat at pitong ulit na yumukod hanggang sa makarating sa harapan ng kapatid.

[4]Siya'y patakbong sinalubong ni Esau, niyakap nang mahigpit at hinagkan. Nag-iyakan ang magkapatid.

[5]Nang makita ni Esau ang mga babae at mga bata, itinanong niya kung sino sila. “Iyan ang mga anak na kaloob sa akin ng Diyos,” tugon ni Jacob.

[6]Nagsilapit ang mga asawang-lingkod na kasama ang mga bata at yumukod;

[7]sumunod si Lea at ang kasamang mga bata, at sa katapus-tapusa'y si Jose at si Raquel. Yumukod silang lahat at nagbigay-galang kay Esau.

[8]“Ano naman ang mga kawan na nasalubong ko?” tanong ni Esau. “Iyon ay mga pasalubong ko sa iyo,” sagot niya.

[9]Ngunit sinabi ni Esau, “Sapat na ang kabuhayan ko. Sa iyo na lang iyan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Sinabi ni Jacob, "Hindi! Para sa iyo talaga ang mga iyan; tanggapin mo na kung talagang ako'y pinapatawad mo. Pagkakita ko sa mukha mo at madama ang magandang pagtanggap mo sa akin, para ko na ring nakita ang Diyos!

11Kaya, tanggapin mo na ang regalo ko sa iyo. Naging mabuti sa akin ang Diyos; hindi ako kinapos sa anumang bagay." At hindi niya tinigilan si Esau hanggang sa tanggapin nito ang kanyang kaloob.

12"Sige, umalis na tayo, at ako na ang mauuna sa inyo," sabi ni Esau.

13Sinabi ni Jacob, "Ang mga bata'y mahina pa. Inaalaala ko rin ang mga tupa at bakang may bisiro. Kung tayo'y magmadali para makatipid ng isang araw, baka naman mamatay ang mga ito.

14Mabuti pa, mauna ka na at kami'y susunod sa inyo. Sisikapin ko namang bilis-bilisan ang lakad hanggang kaya ng mga hayop at bata, at mag-aabot din tayo sa Seir."

15"Kung gayon, pasasamahan ko kayo sa ilang tauhan ko," sabi ni Esau. "Hindi na kailangan. Labis-labis na ang iyong kagandahang-loob sa akin," sabi naman ni Jacob.

16Nang araw na iyon ay umuna na si Esau papuntang Seir.

17Pumunta naman si Jacob sa Sucot at nagtayo roon ng kanyang toldang tirahan at kulungan ng mga hayop. Kaya, tinawag na Sucot ang lugar na iyon.

18Mula sa Sucot, si Jacob ay tumawid sa Shekem at nagtayo ng kanyang tolda sa isang parang sa tapat ng lunsod. Nagbalik siya sa Canaan matapos manirahan nang matagal sa Mesopotamia.

19Ang parang na pinagtayuan niya ng tolda ay binili niya sa tagapagmana ni Hamor na ama ni Shekem sa halagang sandaang pirasong pilak.

20Doon siya nagtayo ng altar at tinawag niyang El-Elohe-Israel, na ang kahulugan ay si El ang Diyos ng Israel.

## Genesis 34

### Ginahasa si Dina

1Minsan, si Dina, ang anak na dalaga ni Jacob kay Lea, ay dumalaw sa ilang kababaihan sa lupaing iyon.

2Nakita siya ni Shekem, anak na binata ni Hamor na isang Hivita at pinuno sa lupaing iyon. Sapilitan siyang isinama nito at ginahasa.

3Ngunit napamahal na nang husto kay Shekem si Dina at sinikap niyang suyuin ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Sinabi ni Shekem sa kanyang ama na lakaring mapangasawa niya ang dalaga.

5Nalaman ni Jacob na pinagsamantalahan ni Shekem ang kanyang anak, ngunit hindi muna siya kumibo sapagkat nagpapastol noon ng baka ang kanyang mga anak na lalaki.

6Nagpunta naman si Hamor kay Jacob upang makipag-usap.

7Siya namang pagdating ng mga anak na lalaki ni Jacob mula sa kaparangan. Nabigla sila nang mabalitaan ang nangyari sa kapatid, at gayon na lamang ang kanilang galit dahil sa ginawa ni Shekem. Ito'y itinuring nilang isang paglapastangan sa buong angkan ni Jacob.

8Sinabi ni Hamor, “Yaman din lamang na iniibig ni Shekem si Dina, bakit hindi pa natin sila ipakasal?

9Magkaisa na tayo! Hayaan nating mapangasawa ng aming mga binata ang inyong mga dalaga, at ng aming mga dalaga ang inyong mga binata.

10Sa gayo'y maaari na kayong manatili dito sa aming lupain. Maaari kayong tumira kung saan ninyo gusto; maaari kayong maghanapbuhay at magkaroon ng ari-arian.”

11Nakiusap ding mabuti si Shekem sa ama at mga kapatid ni Dina. Sinabi niya, “Pagbigyan na po ninyo ang aking hangarin, at humiling naman kayo ng kahit anong gusto ninyo.

12Sabihin po ninyo kung ano ang dote na dapat kong ibigay at kung magkano pa ang kailangan kong ipagkaloob sa inyo, makasal lamang kami.”

13Dahil sa paglapastangan kay Dina, mapanlinlang ang pagsagot ng mga anak na lalaki ni Jacob sa mag-amang Hamor at Shekem.

14Sinabi nila, “Malaking kahihiyan namin kung hindi tuli ang mapapangasawa ng aming kapatid.

15Papayag lamang kami kung ikaw at ang lahat ng mga lalaking nasasakupan ninyo ay magpapatuli.

16Pagkatapos, maaari na ninyong mapangasawa ang aming mga dalaga at ang inyo nama'y mapapangasawa namin. Magiging magkababayan na tayo at mamumuhay tayong magkakasama.

17Kung di kayo sasang-ayon, isasama na namin si Dina at aalis na kami.”

18Pumayag naman ang mag-amang Hamor at Shekem.

19Hindi na sila nag-aksaya ng panahon sapagkat napakalaki ng pag-ibig ni Shekem kay Dina. Si Shekem ay iginagalang ng lahat sa kanilang sambahayan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Sa may pintuan ng lunsod, tinipon ng mag-ama ang lahat ng lalaki sa Shekem. Sinabi nila,

[21]“Napakabuting makisama ng mga dayuhang dumating dito sa atin. Dito na natin sila patirahin, maluwang din lamang ang ating lupain. Pakasalan natin ang kanilang mga dalaga at sila nama'y gayon din.

[22]Ngunit mangyayari lamang ito kung ang ating mga kalalakihan ay patutuli na tulad nila.

[23]Sa gayon, ang kanilang ari-arian, mga kawan at bakahan ay mapapasaatin. Sumang-ayon na tayong mamuhay silang kasama natin.”

[24]Sumang-ayon naman sa panukalang ito ang mga lalaki, at silang lahat ay nagpatuli.

[25]Nang ikatlong araw na matindi pa ang kirot ng sugat ng mga tinuli, kinuha nina Simeon at Levi na mga kapatid ni Dina, ang kanilang tabak at pinagpapatay ang mga lalaki roon na walang kamalay-malay.

[26]Pinatay nila pati ang mag-amang Hamor at Shekem, at itinakas si Dina.

[27]Pagkatapos ng pagpatay sinamsam naman ng ibang mga anak ni Jacob ang mahahalagang ari-arian doon. Ginawa nila ito dahil sa panghahalay sa kanilang kapatid na babae.

[28]Sinamsam nila pati mga kawan, mga baka, mga asno at lahat ng mapapakinabangan sa bayan at sa bukid.

[29]Dinala nilang lahat ang mga kayamanan, binihag ang mga babae't mga bata, at walang itinirang anuman.

[30]Sinabi ni Jacob kina Simeon at Levi, “Binigyan ninyo ako ng napakalaking suliranin. Ngayon, kamumuhian ako ng mga Cananeo at Perezeo. Kapag nagkaisa silang salakayin tayo, wala tayong sapat na tauhang magtatanggol; maaari nilang lipulin ang aking sambahayan.”

[31]Ngunit sila'y sumagot, “Hindi po kami makakapayag na ituring na isang masamang babae ang aming kapatid.”

## Genesis 35

### Binasbasan ng Diyos si Jacob sa Bethel

[1]Sinabi ng Diyos kay Jacob, “Pumunta ka sa Bethel at doon ka manirahan. Ipagtayo mo roon ng altar ang Diyos na nagpakita sa iyo noong tumatakas ka sa iyong kapatid na si Esau.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Kaya't sinabi ni Jacob sa kanyang sambahayan at sa lahat ng kasama niya, “Itapon ninyong lahat ang diyus-diyosang taglay ninyo, maglinis kayo ng inyong katawan, at magbihis kayo.

3Aalis tayo rito at pupunta sa Bethel. Magtatayo ako roon ng altar para sa Diyos na kasama ko saanman at laging tumutulong sa akin sa panahon ng kagipitan.”

4Ibinigay nila kay Jacob ang kanilang mga diyus-diyosan at ang suot nilang mga hikaw. Ang lahat ng ito'y ibinaon ni Jacob sa tabi ng malaking punong malapit sa Shekem.

5Ang mga tao sa mga karatig-bayan ay natakot kay Jacob at sa kanyang mga anak na lalaki, kaya't walang nangahas humabol sa kanila nang sila'y umalis.

6Nang dumating sila sa Luz, sa lupain ng Canaan,

7gumawa siya ng altar at tinawag niyang El-Bethel ang lugar na iyon, sapagkat doon nagpakita sa kanya ang Diyos nang siya'y tumakas mula sa kanyang kapatid.

8Namatay si Debora, ang nag-alaga kay Rebeca, at inilibing sa tabi ng malaking puno sa gawing timog ng Bethel. At ang dakong iyo'y tinawag na “Roble ng Pagluha.”

9Pagbalik ni Jacob mula sa Mesopotamia, muling nagpakita sa kanya ang Diyos at siya'y binasbasan,

10“Jacob ang pangalan mo, ngunit mula ngayon, Israel na ang itatawag sa iyo.”

11Sinabi pa sa kanya, “Ako ang Makapangyarihang Diyos; magkakaroon ka ng maraming anak. Darami ang iyong mga lahi at sa kanila'y may mga magiging hari. Magmumula sa lahi mo ang maraming bansa.

12Ang mga lupaing aking ipinangako kay Abraham at kay Isaac ay ibibigay ko sa iyo at sa iyong mga anak.”

13At iniwan siya ng Diyos.

14Naglagay si Jacob ng batong palatandaan sa lugar na pinagtagpuan nila. Binuhusan niya ito ng langis at alak bilang tanda na ito'y ukol sa Diyos.

15Tinawag niyang Bethel ang lugar na iyon.

### Namatay si Raquel

16Umalis sila sa Bethel. Nang sila'y malapit na sa Efrata, naramdaman ni Raquel na manganganak na siya at napakatindi ng kanyang hirap.

17Sinabi sa kanya ng hilot, “Huwag kang matakot, lalaki na naman ang isisilang mo.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Nasa bingit na siya ng kamatayan, at bago siya nalagutan ng hininga, ang sanggol ay tinawag niyang Benoni, ngunit Benjamin naman ang ipinangalan ni Jacob.

19Namatay si Raquel at inilibing sa tabi ng daang patungo sa Efrata na ngayon ay Bethlehem.

20Ang puntod ay nilagyan ni Jacob ng batong pananda at hanggang ngayo'y makikita pa rin ang panandang iyon sa puntod ni Raquel.

21Nagpatuloy ng paglalakbay si Israel at nagkampo sa kabilang panig ng tore ng Eder.

**Ang mga Anak ni Jacob**

(1 Cro. 2:1-2)

22Samantalang sina Israel ay nasa lupaing iyon, sumiping si Ruben kay Bilha na isa sa mga asawang-lingkod ng kanyang ama. Nalaman ito ni Israel. Labindalawa ang mga anak na lalaki ni Jacob:

23kay Lea, ang naging anak niya'y sina Ruben, Simeon, Levi, Juda, Isacar at Zebulun;

24kay Raquel, si Jose at si Benjamin;

25kay Bilha na alipin ni Raquel, si Dan at si Neftali;

26kay Zilpa naman na alipin ni Lea, ang naging anak niya'y sina Gad at Asher. Sa Mesopotamia ipinanganak ang lahat ng ito.

**Namatay si Isaac**

27Dumalaw si Jacob sa kanyang amang si Isaac sa Mamre, na tinatawag ding Lunsod ng Arba o Hebron. Dito rin tumira si Abraham.

28Si Isaac ay 180 taon

29nang mamatay at mamahinga sa piling ng kanyang mga ninuno. Siya'y inilibing nina Esau at Jacob.

## Genesis 36

**Ang mga Nagmula sa Lahi ni Esau**

(1 Cro. 1:34-37)

1Ito ang kasaysayan ng lahi na mula kay Esau na tinatawag ding Edom.

2Ang napangasawa niya ay mga Cananea: si Ada, anak ni Elon na Heteo, si Aholibama, anak ni Ana at apo ni Zibeon na Hivita,

3at si Basemat na anak naman ni Ismael at kapatid ni Nebayot.

4Ang anak ni Esau kay Ada ay si Elifaz; kay Basemat ay si Reuel;

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5at kay Aholibama ay sina Jeus, Jalam at Korah. Silang lahat ay ipinanganak sa Canaan.

6Nangibang-bayan si Esau kasama ang kanyang mga asawa, mga anak, mga tauhan, pati ang mga hayop at ang lahat ng ari-arian ay kanyang dinala.

7Iniwan niya si Jacob sa Canaan, sapagkat ang lupaing ito'y hindi na sapat sa kanilang mga kawan.

8Sa Seir nanirahan si Esau.

9Ito ang kasaysayan ng lahi na mula kay Esau, ang pinagmulan ng mga Edomita sa kaburulan ng Seir:

10si Elifaz, anak kay Ada; at si Reuel, kay Basemat.

11Ang mga anak naman ni Elifaz ay sina Teman, Omar, Zefo, Gatam at Kenaz.

12At si Amalek ang naging anak ni Elifaz kay Timna. Sila ang mga apo ni Esau kay Ada.

13Ito naman ang mga apo ni Esau kay Reuel na anak ni Basemat: Nahat, Zera, Shammah at Miza.

14Ang mga anak ni Esau kay Aholibama na anak ni Ana at apo ni Zibeon, ay sina Jeus, Jalam at Korah.

15-16Ito ang mga pinuno sa lahi ni Esau: Teman, Omar, Zefo at Kenaz, Korah, Gatam at Amalek, mga anak ni Elifaz na kanyang panganay at apo ni Ada. Sila'y naging pinuno sa lupain ng Edom.

17Naging mga pinuno rin sa lupain ng Edom sina Nahat, Zera, Shammah, at Miza na mga anak ni Reuel. Sila ang mga apo ni Esau kay Basemat.

18Sina Jeus, Jalam at Korah ang naging pinuno sa mga anak ni Esau kay Aholibama na anak ni Ana.

19Ang lahat ng mga liping ito'y nagmula sa lahi ni Esau.

### Ang Lahi ni Seir

(1 Cro. 1:38-42)

20Ito ang mga anak ni Seir, ang Horeo: Lotan, Sobal, Zibeon, Ana,

21Dishon, Ezer at Disan. Sila ang mga pinuno ng mga Horeo na unang nanirahan sa lupain ng Edom.

22Ang mga anak ni Lotan ay sina Hori at Heman. Si Timna ay kapatid na babae ni Lotan.

23Ito naman ang mga anak ni Sobal: Alvan, Manahat, Ebal, Zefo at Onam.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Ang kay Zibeon naman ay sina Aya at Ana. Si Ana ang siyang nakatuklas
ng mainit na bukal sa ilang samantalang inaalagaan ang mga asno ng
kanyang ama.

25Ang mga anak ni Ana ay si Dishon at ang kapatid nitong babae na si
Aholibama.

26Ang mga anak naman ni Dishon ay sina Hemdan, Esban, Itran at Keran.

27Sina Bilhan, Zaavan at Acan ang mga anak naman ni Ezer.

28At ang kay Disan ay sina Hus at Aran.

29Ito ang mga pinuno ng mga Horeo sa lupain ng Seir ayon sa kanilang
angkan: Lotan, Sobal, Zibeon, Ana,

30Dishon, Ezer at Disan.

**Ang mga Hari ng Edom**
(1 Cro. 1:43-54)

31Ito naman ang mga naging hari sa lupain ng Edom bago nagkaroon ng
haring Israelita.

32Si Bela, ang anak ni Beor, ay naghari sa Lunsod ng Dinaba.

33Pagkamatay niya, pumalit si Jobab na anak ni Zerah, na taga-Bosra.

34Nang mamatay naman si Jobab, pumalit si Husam na Temaneo.

35Namatay si Husam, at humalili naman si Hadad, anak ni Bedad na tumalo
sa mga Midianita sa lupain ng Moab. Avit ang tawag sa kanyang lunsod.

36Pagkamatay ni Hadad, siya'y pinalitan ni Samla na taga-Masreca.

37Si Saul namang taga-Rehobot sa Eufrates ang sumunod na namahala
pagkamatay ni Samla.

38Pagkamatay ni Saul, ang naghari ay si Baal-hanan na anak ni Acbor.

39Pagkamatay ni Baal-hanan, pumalit si Hadar. Ang pangalan ng lunsod niya
ay Pau. Si Mehetabel na anak ni Matred at apo ni Mezahab ang kanyang
asawa.

40Ito ang mga liping nagmula kay Esau ayon sa kanilang tirahan: Timna, Alva,
Jetet,

41Aholibama, Ela, Pinon,

42Kenaz, Teman, Mibzar,

43Magdiel at Iram. Ito ang mga bansa ng Edom ayon sa kani-kanilang tirahan.
Si Esau ang ninuno ng mga Edomita.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Genesis 37

### Si Jose at ang Kanyang mga Kapatid

1 Si Jacob ay nanatili sa Canaan, sa lupaing tinirhan ng kanyang ama.

2 Ito ang kasaysayan ng sambahayan ni Jacob: Nang si Jose ay labimpitong taon na, nag-aalaga siya ng kawan kasama ng kanyang mga kapatid sa ama, ang mga anak nina Bilha at Zilpa, na mga asawang-lingkod ng kanyang ama. Alam niya ang masasamang gawain ng kanyang mga kapatid kaya't ang mga ito'y isinumbong niya sa kanilang ama.

3 Mas mahal ni Israel si Jose kaysa ibang mga anak, sapagkat matanda na siya nang ito'y isinilang. Iginawa niya ito ng damit na mahaba at may manggas.

4 Nang mahalata ng mga kapatid ni Jose na mas mahal siya ng kanilang ama, kinamuhian siya ng mga ito at ayaw siyang pakisamahang mabuti.

5 Minsan, nanaginip si Jose at lalong namuhi ang mga kapatid niya nang ito'y ikuwento niya sa kanila.

6 Sabi ni Jose, "Napanaginipan ko,

7 na tayo ay nasa bukid at nagbibigkis ng trigo. Tumayo ang aking binigkis at yumukod sa paligid nito ang inyong mga binigkis."

8 "Ano! Ang ibig mo bang sabihin ay maghahari ka sa amin?" tanong nila. At lalo silang nagalit kay Jose.

9 Nanaginip muli si Jose at isinalaysay sa kanyang mga kapatid ang ganito: "Nakita ko sa aking panaginip na ang araw, ang buwan at labing-isang bituin ay yumuko sa aking harapan."

10 Sinabi rin niya ito sa kanyang ama, at ito'y nagalit din sa kanya. "Anong ibig mong sabihin?" tanong ng ama. "Kami ng iyong ina't mga kapatid ay yuyuko sa harapan mo?"

11 Inggit na inggit kay Jose ang kanyang mga kapatid. Inisip-isip namang mabuti ng kanyang ama ang mga bagay na ito.

### Ipinagbili si Jose at Dinala sa Egipto

12 Isang araw, nasa Shekem ang mga kapatid ni Jose at pinapastol doon ang kawan ng kanilang ama.

13 Sinabi ni Israel kay Jose, "Gumayak ka at sumunod sa iyong mga kapatid." "Opo," tugon ni Jose.

14 Sinabi pa ng kanyang ama, "Tingnan mo kung sila'y nasa mabuting kalagayan. Pagkatapos, bumalik ka agad at nang malaman ko." Lumakad nga si Jose mula sa libis ng Hebron at nakarating sa Shekem.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Sa kanyang paglalakad, nakita siya ng isang lalaki at tinanong kung anong hinahanap niya.

16“Hinahanap ko po ang aking mga kapatid na nagpapastol ng aming kawan,” sagot niya. “Saan ko po kaya sila makikita?”

17Sinabi ng lalaki, “Umalis na sila at ang dinig ko'y sa Dotan pupunta.” Sumunod si Jose at natagpuan nga roon ang mga kapatid.

18Malayo pa'y natanaw na siya ng mga ito. Nagkaisa silang patayin siya.

19Sinabi nila, “Ayan na ang mahilig managinip!

20Patayin natin siya at ihulog sa balon, at sabihing siya'y sinila ng mabangis na hayop. Tingnan natin kung ano ang mangyayari sa kanyang mga panaginip.”

21Narinig ito ni Ruben at binalak niyang iligtas si Jose. Sabi niya, “Huwag, huwag nating patayin.

22Huwag natin siyang pagbuhatan ng kamay; ihulog na lamang natin sa balon.” Sinabi niya ito, sapagkat ang balak niya ay iligtas ang kapatid at dalhin ito sa kanyang ama.

23Paglapit ni Jose, hinubad nila ang mahabang damit nito na may manggas,

24at inihulog sa isang tuyong balon.

25Habang sila'y kumakain, may natanaw silang pangkat ng mga Ismaelitang mula sa Gilead. Ang kanilang mga kamelyo ay may kargang mga gagawing pabango na dadalhin sa Egipto.

26Sinabi ni Juda sa kanyang mga kapatid, “Wala tayong mapapala kung papatayin natin ang ating kapatid.

27Mabuti pa'y ipagbili na lamang natin siya sa mga Ismaelita kaysa ating saktan! Siya'y kapatid din natin, laman ng ating laman at dugo ng ating dugo.” At sila'y nagkasundo.

28Kaya't nang may dumaraang mga mangangalakal na Midianita, iniahon nila si Jose at ipinagbili sa halagang dalawampung pirasong pilak. At si Jose'y dinala ng mga Ismaelita sa Egipto.

29Pagbalik ni Ruben sa balon, nakita niyang wala na roon si Jose. Sa laki ng kanyang pagdaramdam, pinunit niya ang kanyang damit.

30Lumapit siya sa kanyang mga kapatid at ang sabi, “Wala na sa balon si Jose! Ano ang gagawin ko ngayon?”

31Nagpatay sila ng kambing at itinubog sa dugo nito ang hinubad na damit ni Jose.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

32Pagkatapos, dinala nila ito sa kanilang ama at sinabi, "Nakita po namin ang damit na ito, tingnan nga ninyo kung ito nga ang sa mahal ninyong anak."

33Nakilala niya agad ang damit. "Kanya nga ito! Pinatay ng mabangis na hayop ang anak ko! Pihong nagkaluray-luray ang kanyang katawan."

34Sinira ni Jacob ang suot niyang damit, at nagsuot ng damit-panluksa. Ipinagluksa niya nang mahabang panahon ang nangyari sa kanyang anak.

35Inaliw siya ng lahat niyang mga anak ngunit patuloy ang kanyang pamimighati. Sinabi niya, "Mapupunta ako sa daigdig ng mga patay na nagdadalamhati dahil sa pagkawala ng aking anak." Patuloy siyang nagluksa dahil kay Jose.

36Samantala, pagdating sa Egipto, ipinagbili si Jose ng mga Midianita kay Potifar, isang punong kawal ng Faraon at kapitan ng mga tanod sa palasyo.

## Genesis 38

### Si Juda at si Tamar

1Nang panahong iyon, humiwalay si Juda sa kanyang mga kapatid at nakipanirahan kay Hira na isang Adullamita.

2Napangasawa niya roon ang anak ni Sua, isang Cananeo.

3Nagkaanak sila ng tatlong lalaki: Er ang ipinangalan sa panganay,

4ang pangalawa'y Onan,

5at Sela naman ang pangatlo. Si Juda ay nasa Kizib nang ipanganak si Sela.

6Pinapag-asawa ni Juda ang kanyang panganay na si Er at ang napangasawa nito'y si Tamar.

7Napakasama ng ugali ni Er, kaya't nagalit sa kanya si Yahweh at siya'y pinatay.

8Kaya't sinabi ni Juda kay Onan, "Tungkulin mong sipingan ang biyuda ng iyong kapatid upang magkaroon siya ng mga anak sa pamamagitan mo."

9Alam ni Onan na hindi ituturing na kanya ang magiging anak niya sa kanyang hipag. Kaya itinatapon niya sa labas ang kanyang binhi upang huwag magkaanak ang kanyang kapatid sa pamamagitan niya.

10Ito'y kasuklam-suklam kay Yahweh kaya't pinatay rin siya.

11Sinabi ni Juda sa manugang niyang si Tamar, "Umuwi ka na muna sa inyo at hintayin mong lumaki ang bunso kong si Sela." Sinabi niya ito dahil sa takot na baka mangyari kay Sela ang sinapit ng kanyang mga kapatid. Kaya't umuwi muna si Tamar sa kanyang ama.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[12]Pagkalipas ng panahon ay namatay ang asawa ni Juda. Matapos ang pagluluksa, nagpunta si Juda sa Timnat para tingnan ang paggugupit sa balahibo ng kanyang mga tupa. Kasama niya ang kaibigan niyang si Hira na taga-Adullam.

[13]Samantala, may nagsabi kay Tamar na pupunta sa Timnat ang kanyang biyenan upang gupitan ng balahibo ang mga tupa nito.

[14]Pagkarinig nito, hinubad niya ang kanyang damit-panluksa. Nagtalukbong siya at naupo sa pagpasok ng Enaim, bayang nadadaanan patungo sa Timnat. Ginawa niya ito sapagkat alam niyang binata na si Sela, ngunit hindi pa sila ipinakakasal ng kanyang biyenan.

[15]Nakita ni Juda si Tamar; inakala niyang ito'y isang babaing nagbebenta ng aliw sapagkat may takip ang mukha.

[16]Lumapit siya at inalok ang babae na makipagtalik sa kanya. Hindi niya alam na ito ang kanyang manugang. “Anong ibabayad mo sa akin?” tanong ng babae.

[17]Sumagot si Juda, “Padadalhan kita ng isang batang kambing.” “Payag ako,” sabi ng babae, “kung bibigyan mo ako ng isang sangla hangga't hindi ko tinatanggap ang ipadadala mo.”

[18]“Anong sangla ang gusto mo?” tanong ni Juda. Sumagot siya, “Ang iyong singsing na pantatak kasama ang kadena at ang tungkod mo.” Ibinigay niya ang hiningi ng babae at sila'y nagsiping. Nagdalang-tao si Tamar.

[19]Pagkatapos, umuwi siya at inalis ang kanyang talukbong at isinuot muli ang kanyang damit-panluksa.

[20]Pag-uwi ni Juda, isinugo niya ang kaibigan niyang taga-Adullam upang dalhin sa babae ang ipinangako niyang kambing, at bawiin naman ang iniwang sangla.

[21]Nagtanung-tanong siya sa mga lalaking tagaroon, at ang sagot ng mga ito'y walang gayong babae roon.

[22]Nagbalik kay Juda ang kanyang kaibigan at sinabi ang nangyari sa kanyang lakad.

[23]Kaya't sinabi ni Juda, “Hayaan mo na sa kanya ang iniwan kong sangla, baka tayo'y pagtawanan pa ng mga tao. Dinala mo na sa kanya ang kambing, ngunit wala siya roon!”

[24]Makaraan ang tatlong buwan, may nagsabi kay Juda, “Ang manugang mong si Tamar ay naglaro ng apoy at ngayo'y nagdadalang-tao.” “Ilabas ninyo siya at sunugin!” ang utos ni Juda.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Habang siya'y kinakaladkad na palabas, ipinasabi niya sa kanyang
biyenan, “Ang may-ari ng mga ito ang ama ng aking dinadala. Tingnan mo
kung kanino ang singsing, kadena at tungkod na ito.”

26Nakilala ni Juda ang iniwan niyang sangla, kaya't sinabi niya, “Wala siyang
kasalanan, ako ang nagkulang; dapat sana'y ipinakasal ko siya kay Sela.” At
hindi na niya ito muling sinipingan.

27Dumating ang panahon ng panganganak ni Tamar at natuklasang kambal
ang kanyang isisilang.

28Sa oras ng kanyang panganganak, lumabas ang kamay ng isa at ito'y
tinalian ng hilot ng pulang sinulid upang makilala ang unang inianak.

29Ngunit iniurong ng sanggol ang kanyang kamay at naunang lumabas ang
kanyang kakambal. Sinabi ng hilot, “Ano't nakipagsiksikan kang palabas?”
Dahil dito, Fares ang ipinangalan sa bata.

30Ang sanggol na may taling pulang sinulid ang huling iniluwal. At ito'y
pinangalanang Zara.

## Genesis 39

### Si Jose at ang Asawa ni Potifar

1Dinala nga si Jose sa Egipto at doo'y ipinagbili siya ng mga Ismaelita kay
Potifar, isang Egipcio na pinuno sa pamahalaan ng Faraon at kapitan ng mga
tanod sa palasyo.

2Sa buong panahon ng paglilingkod ni Jose sa bahay ni Potifar ay
pinatnubayan siya ni Yahweh. Anumang kanyang gawin ay nagtatagumpay.

3Napansin ni Potifar na tinutulungan ni Yahweh si Jose,

4kaya ginawa niya itong katiwala sa bahay at sa lahat niyang ari-arian.

5Mula noon, dahil kay Jose ay pinagpala ni Yahweh ang buong sambahayan
ni Potifar pati ang kanyang mga bukirin.

6Ipinagkatiwala ni Potifar kay Jose ang lahat, maliban sa pagpili ng kanyang
kakainin. Si Jose'y matipuno at magandang lalaki.

7Dumating ang panahon na pinagnasaan siya ng asawa ni Potifar. Sinabi
nito, “Sipingan mo ako.”

8Tumanggi si Jose at ang sabi, “Panatag po ang kalooban ng aking
panginoon sapagkat ako'y narito. Ginawa niya akong katiwala,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9at ipinamahala niya sa akin ang lahat sa bahay na ito, maliban sa inyo na kanyang asawa. Hindi ko po magagawa ang ganyan kalaking kataksilan at pagkakasala sa Diyos."

10Hindi pinapansin ni Jose ang babae kahit araw-araw itong nakikiusap na sumiping sa kanya.

11Ngunit isang araw, nasa bahay si Jose upang gampanan ang kanyang tungkulin. Nagkataong wala roon ang ibang mga utusan.

12Walang anu-ano'y hinablot ng babae ang kanyang balabal at sinabi, "Halika't sipingan mo na ako!" Patakbo siyang lumabas ngunit naiwan ang kanyang balabal sa babae.

13Sa pangyayaring ito,

14nagsisigaw ito at tinawag ang mga katulong na lalaki, "Tingnan ninyo! Dinalhan tayo ng asawa ko ng Hebreong ito para hamakin tayo. Sukat ba namang pasukin ako sa aking silid at gusto akong pagsamantalahan! Mabuti na lamang at ako'y nakasigaw.

15Pagsigaw ko'y kumaripas siya ng takbo, at naiwan sa akin ang kanyang damit."

16Itinago niya ang balabal ni Jose hanggang sa dumating ang asawa.

17Sinabi niya rito, "Ang Hebreong dinala mo rito'y bigla na lamang pumasok sa aking silid at gusto akong pagsamantalahan.

18Nang ako'y sumigaw, kumaripas ng takbo at naiwan sa akin ang kanyang balabal."

19Nagalit si Potifar nang marinig ang sinabi ng asawa,

20kaya't ipinahuli niya si Jose at isinama sa mga bilanggong tauhan ng Faraon.

21Ngunit si Jose ay hindi pinabayaan ni Yahweh. Ang bantay ng bilangguan ay naging napakabait sa kanya.

22Si Jose ay ginawa niyang tagapamahala ng lahat ng mga bilanggo, at siya ang tanging nagpapasya kung ano ang gagawin sa loob ng bilangguan.

23Hindi na halos nakikialam ang bantay ng bilangguan sa ginagawa ni Jose, sapagkat si Yahweh ay kasama nito at pinagtatagumpay siya sa lahat niyang gawain.

## Genesis 40

### Ipinaliwanag ni Jose ang mga Panaginip

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Minsan, ang tagapangasiwa ng mga inumin ng Faraon at ang punong panadero ay parehong nagkasala sa kanilang panginoon na hari ng Egipto.

2Sa galit nito,

3sila'y ipinakulong sa bahay ng punong guwardiya ng piitang pinagdalhan kay Jose.

4Si Jose ang naatasan ng kapitan na tumingin at maglingkod sa dalawang bilanggo, kaya't matagal silang magkasama sa bilangguan.

5Isang gabi, ang tagapangasiwa ng mga inumin at ang punong panadero ay parehong nanaginip.

6Kinaumagahan, nang dumalaw si Jose, napuna niyang nababalisa ang dalawa.

7Tinanong niya kung bakit,

8at sila nama'y nagpaliwanag. “Alam mo, pareho kaming nanaginip, ngunit wala ni isa mang makapagpaliwanag ng kahulugan ng mga iyon.” “Ang Diyos lamang ang nakapagpapaunawa sa atin ng kahulugan ng mga panaginip,” sabi ni Jose. “Ano ba ang napanaginipan ninyo?”

9Ang tagapangasiwa ng inumin ang unang nagsalaysay. Ang sabi nito, “Napanaginipan kong sa harapan ko'y may puno ng ubas

10na may tatlong sanga. Pagsibol ng dahon nito, namulaklak na rin at kaagad nahinog ang mga bunga.

11Hawak ko noon ang kopa ng Faraon, kaya't pinisa ko ang ubas at ibinigay sa Faraon.”

12“Ito ang kahulugan ng panaginip mo,” sabi ni Jose. “Ang tatlong sanga ay tatlong araw.

13Sa loob ng tatlong araw, ipapatawag ka ng Faraon at patatawarin. Ibabalik ka sa dati mong tungkulin.

14Kaya, kapag naroon ka na, huwag mo naman akong kakalimutan. Banggitin mo naman ako sa Faraon at tulungan mo akong makalaya sa bilangguang ito.

15Ang totoo'y kinuha lamang ako sa lupain ng mga Hebreo, at wala akong nalalamang dahilan upang mabilanggo rito.”

16Pagkakita ng punong panadero na maganda ang kahulugan ng panaginip ng kanyang kasama, sinabi nito kay Jose, “Ako'y nanaginip din. May buhat daw akong tatlong basket sa aking ulo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Sa basket na nasa ibabaw ay nakalagay ang iba't ibang pagkaing hinurno para sa Faraon, ngunit ang pagkaing iyo'y tinutuka ng mga ibon."

18Sinabi ni Jose, "Ito ang kahulugan ng panaginip mo:

19sa loob ng tatlong araw ay ipapatawag ka rin ng Faraon at pupugutan ka. Pagkatapos, ibibitin sa kahoy ang iyong bangkay at hahayaang tukain ng mga ibon."

20Ang ikatlong araw ay kaarawan ng Faraon, at naghanda siya ng isang salu-salo para sa kanyang mga kagawad. Iniharap niya sa kanyang mga panauhin ang tagapangasiwa ng mga inumin at ang punong panadero.

21Ibinalik niya sa tungkulin ang tagapangasiwa ng mga inumin,

22ngunit ipinabitay ang punong panadero. Natupad nga ang sinabi ni Jose sa dalawa,

23ngunit siya'y nakalimutan ng tagapangasiwa ng mga inumin.

## Genesis 41

### Ipinaliwanag ni Jose ang mga Panaginip ng Faraon

1Pagkaraan ng dalawang taon, ang Faraon naman ang nanaginip. Napanaginipan niyang siya'y nakatayo sa pampang ng Ilog Nilo.

2Walang anu-ano'y may pitong magaganda't matatabang bakang umahon sa ilog at nanginain ng damo.

3-4Umahon din mula sa ilog na iyon ang pitong pangit at payat na baka. Lumapit ang mga ito at kinain ang pitong matatabang baka. At nagising ang Faraon.

5Nakatulog siyang muli at nanaginip na naman. May pitong uhay na tumubo sa isang puno ng trigo. Malalaki at matataba ang mga butil nito.

6Pagkatapos, may sumibol na pitong uhay. Ang mga ito ay payat at tuyot ang mga butil dahil sa hampas ng hanging silangan.

7Kinain ng mga payat ang matatabang uhay, at muling nagising ang Faraon. Noon niya nalamang siya pala'y nananaginip.

8Pagsapit ng umaga, nabagabag siya, kaya't ipinatawag niyang lahat ang mga salamangkero at mga matatalinong tao sa buong Egipto. Isinalaysay niya ang kanyang mga panaginip, ngunit isa ma'y walang makapagpaliwanag ng kahulugan ng mga ito.

9Lumapit sa Faraon ang tagapangasiwa ng mga inumin at sinabi sa kanya, "Ako po'y may malaking pagkukulang na nagawa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Nang magalit po kayo sa amin ng punong panadero at ipabilanggo ninyo kami sa tahanan ng kapitan ng mga tanod,

11kami po'y parehong nanaginip.

12Isa pong binatang Hebreo na alipin ng kapitan ng mga tanod ang kasama namin doon. Siya po ang nagpaliwanag ng aming panaginip.

13Sinabi po niyang ako'y mababalik sa tungkulin at ang punong panadero'y bibitayin; nangyari pong lahat ang kanyang sinabi."

14Ipinatawag agad ng Faraon si Jose. Nang mailabas na sa bilangguan, siya'y nag-ahit, nagbihis at kaagad humarap sa hari.

15Sinabi ng Faraon sa kanya, "Ako'y nanaginip ngunit walang makapagsabi sa akin ng kahulugan niyon. Nabalitaan kong mahusay kang magpaliwanag ng mga panaginip."

16"Hindi po ako ang makapagpapaliwanag, kamahalan," sabi ni Jose. "Ang Diyos po ang siyang magbibigay ng katugunan sa inyong katanungan."

17Sinabi ng Faraon, "Ako raw ay nakatayo sa pampang ng Ilog Nilo.

18May pitong magaganda at matatabang bakang umahon sa ilog at nanginain.

19Walang anu-ano'y pitong mga payat na baka, pinakapangit na sa nakita ko sa buong Egipto, ang umahon din sa ilog.

20Kinain ng mga payat ang matatabang baka,

21ngunit parang walang anumang nangyari. Matapos kainin ang matataba, iyon pa rin ang ayos ng mga payat, napakapangit pa rin, at ako'y nagising.

22Muli akong nakatulog at nanaginip na naman. May nakita akong pitong uhay sa isang puno ng trigo na hitik na hitik ng hinog na butil.

23Sa puno ring ito, may sumibol na pitong uhay, ngunit lanta, napakapayat ng mga butil, at tinuyo ng hanging silangan.

24Kinain ng mga payat na uhay ang matataba. Isinalaysay ko na ito sa mga salamangkero, ngunit walang makapagpaliwanag sa akin."

25"Iisa po ang kahulugan ng dalawa ninyong panaginip," sabi ni Jose. "Ipinapaalam sa inyo ng Diyos kung ano ang kanyang gagawin.

26Ang pitong matatabang baka po ay pitong taon; iyon din po ang kahulugan ng pitong uhay na matataba ang butil.

27Ang sinasabi ninyong pitong payat na baka at ang pitong uhay na payat ang mga butil ay pitong taon ng taggutom.

28Gaya ng sinabi ko sa inyo, iyan po ang gagawin ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29Magkakaroon ng pitong taóng kasaganaan sa buong Egipto.

30Ang kasunod naman nito'y pitong taon ng taggutom at dahil sa kapinsalaang idudulot nito, malilimutan na sa Egipto ang nagdaang panahon ng kasaganaan.

31Mangyayari ito dahil sa katakut-takot na hirap na daranasin sa panahon ng taggutom.

32Dalawang ulit po ang inyong panaginip, mahal na Faraon, upang ipaalam sa inyo na itinakda na ng Diyos ang bagay na ito, at malapit na niya itong isagawa.

33“Ang mabuti po'y pumili kayo ng taong matalino at may kakayahan upang siyang mamahala sa Egipto.

34Maglagay kayo sa buong bansa ng mga tagalikom ng ikalimang bahagi ng lahat ng aanihin sa loob ng pitong taóng kasaganaan.

35Lahat ng inaning butil sa panahong iyon ay dapat ipunin, ikamalig sa mga lunsod at pabantayang mabuti. Bigyan ninyo ng kapangyarihan ang mga tagalikom upang maisagawa ang lahat ng ito.

36Ang maiipong pagkain ay ilalaan para sa pitong taon ng taggutom na tiyak na darating sa Egipto. Sa gayon, hindi mamamatay sa gutom ang mga mamamayan sa buong bansa.”

**Ginawang Tagapamahala sa Egipto si Jose**

37Nagustuhan ng Faraon at ng kanyang mga kagawad ang panukala ni Jose.

38Sinabi nila, “Bakit pa tayo hahanap ng iba, samantalang nasa kanya ang Espiritu ng Diyos?”

39Kaya't sinabi ng Faraon kay Jose, “Ang Diyos ang nagpakita sa iyo ng lahat ng ito, kaya't wala nang hihigit pa sa iyo sa karunungan at pang-unawa.

40Ikaw ang pamamahalain ko sa buong bansa, at susundin ka ng lahat. Ang aking trono lamang ang hindi mapapasaiyo.

41At ngayon, inilalagay kitang gobernador ng buong Egipto!”

42Inalis ni Faraon sa kanyang daliri ang singsing na pantatak at isinuot iyon kay Jose; binihisan niya ito ng damit na lino at sinabitan ng gintong kuwintas sa leeg.

43Ipinagamit kay Jose ang pangalawang sasakyan ng hari, at binigyan siya ng tanod pandangal na nauuna sa kanya at sumisigaw, “Lumuhod kayo!” Sa gayon, ipinailalim sa kanya ang pamamahala sa buong Egipto.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

44Sinabi ng Faraon kay Jose, “Ako ang Faraon at ikaw ang aking pangalawa, ngunit kung wala kang pahintulot, walang sinuman sa Egipto na makakagawa ng anuman.”

45Binigyan niya si Jose ng bagong pangalan: Zafenat-panea. At ipinakasal sa kanya si Asenat na anak ni Potifera, ang pari sa Heliopolis. Bilang gobernador, pinamahalaan ni Jose ang buong lupain ng Egipto.

46Tatlumpung taon si Jose nang magsimulang maglingkod sa Faraon. Pagkaalis niya sa harapan ng hari, nilibot niya ang buong Egipto.

47Pitong taóng nag-ani nang sagana sa buong lupain.

48Inipon ni Jose ang lahat ng pagkain sa Egipto at ikinamalig sa mga lunsod. Sa loob ng pitong taon ng kasaganaan, inipon niya sa bawat lunsod ang mga pagkaing inani sa palibot nito.

49Ang naipon niyang trigo ay sindami ng buhangin sa dagat, kaya't hindi na niya tinatakal dahil sa dami.

50Bago dumating ang taggutom, nagkaanak si Jose ng dalawang lalaki kay Asenat.

51Tinawag niyang Manases ang panganay, sapagkat sinabi niya, “Niloob ng Diyos na malimot ko ang aking naging hirap sa bahay ng aking ama.”

52Efraim naman ang ipinangalan sa pangalawa, sapagkat ang sabi niya, “Pinagkalooban ako ng Diyos ng mga anak sa lupain ng aking paghihirap.”

53Natapos ang pitong taon ng kasaganaan sa Egipto.

54At sumunod ang pitong taóng taggutom, tulad ng sinabi ni Jose. Ngunit sa buong Egipto'y may pagkain, samantalang taggutom sa ibang bansa.

55Nang wala nang makain ang mamamayan, sila'y dumaing sa Faraon. Sinabi niya sa mga taga-Egipto, “Magpunta kayo kay Jose, at sundin ninyo ang kanyang sasabihin.”

56Lumaganap ang taggutom sa buong bansa. Binuksan ni Jose ang lahat ng mga kamalig, at pinagbilhan ng trigo ang mga taga-Egipto. Palubha nang palubha ang taggutom sa buong Egipto.

57Lumaganap din ito sa ibang mga bansa, kaya't ang mga mamamayan nila'y pumunta sa Egipto upang bumili ng pagkain kay Jose.

# Genesis 42

### Nagpunta sa Egipto ang mga Kapatid ni Jose

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

1Nang mabalitaan ni Jacob na maraming pagkain sa Egipto, sinabi niya sa kanyang mga anak na lalaki, “Ano pang hinihintay ninyo?

2Pumunta kayo sa Egipto at bumili agad ng pagkain upang hindi tayo mamatay sa gutom. Balita ko'y maraming pagkain doon.”

3Pumunta nga sa Egipto ang sampung kapatid ni Jose upang bumili ng pagkain.

4Si Benjamin, ang tunay na kapatid ni Jose, ay hindi na pinasama ni Jacob sa takot na may masamang mangyari sa kanya.

5Kasama ng ibang taga-Canaan, lumakad ang mga anak ni Jacob upang bumili ng pagkain sapagkat laganap na ang taggutom sa buong Canaan.

6Bilang gobernador ng Egipto, si Jose ang nagbebenta ng pagkain sa mga tao, kaya't sa kanya pumunta ang kanyang mga kapatid. Paglapit ng mga ito, sila'y yumukod sa kanyang harapan.

7Nakilala agad ni Jose ang mga kapatid niya, ngunit hindi siya nagpahalata. “Tagasaan kayo?” mabagsik niyang tanong. “Taga-Canaan po. Naparito po kami upang bumili ng pagkain,” tugon nila.

8Nakilala nga ni Jose ang kanyang mga kapatid ngunit hindi siya namukhaan ng mga ito.

9Naalala niya ang kanyang mga panaginip tungkol sa kanila, kaya't sinabi niya, “Kayo'y mga espiya, at naparito kayo upang makita ang kahinaan ng aming bansa, hindi ba?”

10“Hindi po! Kami pong mga lingkod ninyo'y bumibili lamang ng pagkain.

11Magkakapatid po kami, at kami'y mga taong tapat. Hindi po kami mga espiya.”

12“Hindi ako naniniwala,” sabi ni Jose. “Naparito kayo upang alamin ang kahinaan ng aming bansa!”

13Kaya't nagmakaawa sila, “Ginoo, kami po'y labindalawang magkakapatid; nasa Canaan po ang aming ama. Pinaiwan po ang bunso naming kapatid; ang isa po nama'y patay na.”

14Sinabi ni Jose, “Tulad ng sinabi ko, kayo'y mga espiya!

15At isinusumpa ko sa ngalan ng Faraon, hindi kayo makakaalis hanggang hindi ninyo dinadala rito ang inyong bunsong kapatid.

16Umuwi ang isa sa inyo at kunin siya; ang iba'y ikukulong dito hanggang hindi ninyo napatutunayan ang inyong sinasabi. Kung hindi, mga espiya nga kayo!”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Tatlong araw niyang ikinulong ang kanyang mga kapatid.

18Pagsapit ng ikatlong araw, sinabi ni Jose sa kanila, “Ako'y may takot sa Diyos; bibigyan ko kayo ng pagkakataong mabuhay kung gagawin ninyo ito:

19Kung talagang nagsasabi kayo ng totoo, isa lamang sa inyo ang ibibilanggo; ang iba'y makakaalis na at maaari nang iuwi ang pagkaing binili ninyo para sa inyong mga pamilya.

20Ngunit pagbalik ninyo'y kailangang isama ninyo ang bunso ninyong kapatid. Dito ko malalaman na kayo'y nagsasabi ng totoo, at hindi kayo mamamatay.” Sumang-ayon ang lahat.

21Pagkatapos, ang sabi nila sa isa't isa, “Nagbabayad na tayo ngayon sa ginawa natin sa ating kapatid. Nakikita natin ang paghihirap ng kanyang kalooban noon ngunit hindi natin pinansin ang kanyang pagmamakaawa. Kaya tayo naman ngayon ang nasa kagipitan.”

22“Iyan na nga ba ang sinasabi ko,” sabi ni Ruben. “Nakiusap ako sa inyong huwag saktan ang bata, ngunit hindi kayo nakinig; ngayon, pinagbabayad tayo sa kanyang kamatayan.”

23Hindi nila alam na nauunawaan ni Jose ang kanilang usapan, sapagkat gumagamit pa ito ng tagasalin sa wika kapag humaharap sa kanila.

24Iniwan muna sila ni Jose dahil sa hindi na niya mapigil ang pag-iyak. Nang panatag na ang kanyang kalooban, bumalik siya at ibinukod si Simeon. Ipinagapos niya ito sa harapan nila.

**Nagbalik ang mga Kapatid ni Jose sa Canaan**

25Iniutos ni Jose na punuin ng trigo ang kanilang mga sako at ilagay doon ang salaping ibinayad nila. Pinabigyan pa sila ng makakain sa kanilang paglalakbay. Nasunod lahat ang utos ni Jose.

26Ikinarga ng magkakapatid sa mga asno ang kanilang biniling pagkain, at sila'y umalis.

27Pagsapit ng gabi, tumigil sila upang magpahinga. Binuksan ng isa ang kanyang sako upang pakainin ang asno niya at nakita ang salapi sa loob ng sako.

28Napasigaw ito, “Ibinalik sa akin ang aking salapi! Heto sa aking sako!” Nanginig sila sa takot at nagtanong sa isa't isa, “Ano ang ginawang ito sa atin ng Diyos?”

29Pagdating nila sa Canaan, isinalaysay nila kay Jacob ang nangyari sa kanila. Sinabi nila,

30“Ama, napakabagsik pong magsalita ng gobernador sa Egipto. Akalain ba naman ninyong pagbintangan pa kaming mga espiya!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

31Sinabi po naming mga tapat na tao kami at hindi mga espiya.

32Ipinagtapat pa naming kami'y labindalawang magkakapatid na lalaki at iisa ang aming ama. Sinabi po namin na patay na ang isa naming kapatid, at ang bunso nama'y kasama ninyo rito sa Canaan.

33Pagkatapos po naming sabihin ito, akalain ninyong susubukan daw niya kung kami'y nagsasabi ng totoo! Pinaiwan po si Simeon, at pinauwi na kaming dala ang pagkaing aming binili.

34Ngunit mahigpit po ang bilin niya na bumalik kaming kasama ang aming bunsong kapatid bilang katunayang kami'y nagsasabi ng totoo. Kung magagawa namin ito, nangako po siyang palalayain si Simeon at pahihintulutan kaming manirahan at magnegosyo sa kanyang bansa."

35Nang isalin nila ang kani-kanilang sako, nakita nila ang salaping kanilang ibinayad. Kaya't pati si Jacob ay natakot.

36Sinabi niya, "Iiwan ba ninyo akong mag-isa? Wala na si Jose, wala rin si Simeon, ngayo'y gusto pa ninyong isama si Benjamin? Napakabigat namang pasanin ito para sa akin!"

37Sinabi ni Ruben, "Ama, kung hindi ko maibalik sa inyo si Benjamin, patayin na ninyo ang dalawa kong anak. Ipaubaya ninyo sa akin si Benjamin at ibabalik ko siya."

38Ngunit sinabi ni Jacob, "Hindi ko papayagang sumama sa inyo ang aking anak, patay na ang kanyang kapatid at siya na lamang ang nasa akin. Sa tanda ko nang ito, kung siya'y masasawi sa daan, hindi ko na ito makakayanan; mamamatay akong nagdadalamhati."

## Genesis 43

### Nagbalik kay Jose ang Magkakapatid

1Lalong tumindi ang taggutom sa Canaan.

2Nang maubos na ng pamilya ni Jacob ang pagkaing binili sa Egipto, sinabi niya sa kanyang mga anak, "Bumili uli kayo kahit kaunting pagkain sa Egipto."

3Sinabi ni Juda sa kanya, "Mahigpit po ang bilin sa amin ng gobernador doon na huwag na kaming magpapakita sa kanya kung hindi namin kasama ang kapatid naming bunso.

4Kung pasasamahin ninyo siya, bibili po kami ng pagkain doon.

5Kung hindi ninyo pahihintulutan, hindi po kami maaaring humarap sa gobernador."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Sinabi ni Israel, “Bakit kasi sinabi ninyong mayroon pa kayong ibang kapatid? Ako ang pinahihirapan ninyo sa nangyayaring ito.”

7Nagpaliwanag sila, “Inusisa pong mabuti ang ating pamilya. Itinanong sa amin kung mayroon pa kaming ama at iba pang kapatid. Sinagot po lamang namin ang kanyang mga tanong. Hindi po namin alam na pati si Benjamin ay pipiliting iharap namin sa kanya.”

8Kaya sinabi ni Juda kay Israel, “Ama, mamamatay tayo sa gutom. Pasamahin na ninyo si Benjamin at nang makaalis na kami.

9Itinataya ko ang aking buhay para sa kanya. Ako po ang bahala sa kanya. Kung hindi ko siya maibalik nang buháy, ako ang buntunan ninyo ng lahat ng sisi.

10Kung hindi ninyo kami pinaghintay nang matagal, marahil ay nakadalawang balik na kami ngayon.”

11Sinabi ni Israel, “Kung iyon ang mabuti, sige, payag na ako. Ngunit magdala kayo ng handog sa gobernador, kaunting balsamo, pulot-pukyutan, astragalo, laudano, alponsigo at almendra.

12Doblehin ninyo ang dalang salapi, sapagkat kailangan ninyong ibalik ang salaping nailagay sa inyong mga sako. Maaaring isang pagkakamali lamang iyon.

13Isama na ninyo ang inyong kapatid at lumakad na kayo.

14Loobin nawa ng Makapangyarihang Diyos na kahabagan kayo ng taong iyon upang mabalik sa akin si Simeon at si Benjamin. Kung hindi man sila maibalik, handa na ang loob ko.”

15Nagdala nga sila ng mga kaloob at salaping dapat dalhin, at nagbalik sa Egipto, kasama si Benjamin.

16Nang makita ni Jose si Benjamin, iniutos niya sa aliping namamahala sa kanyang tahanan, “Isama mo sila sa bahay. Sila'y kasalo ko mamayang pananghalian. Magkatay ka ng hayop at iluto mo.”

17Sinunod ng alipin ang utos ni Jose at isinama ang magkakapatid.

18Natakot sila nang sila'y dalhin sa bahay ni Jose. Sa loob-loob nila, “Marahil, dinala tayo rito dahil sa salaping ibinalik sa ating mga sako nang una tayong pumarito. Maaaring bigla na lamang tayong dakpin, kunin ang ating mga asno, at tayo'y gawing mga alipin.”

19Kaya't nilapitan nila ang katiwala ni Jose at kinausap sa may pintuan ng bahay nito.

20Sinabi nila, “Ginoo, galing na po kami ritong minsan at bumili ng pagkain.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Nang kami'y nagpapahinga sa daan, binuksan namin ang aming mga sako at nakita sa loob ang lahat ng salaping ibinayad namin sa pagkain. Heto po't dala namin para ibalik sa inyo.

22May dala po kaming bukod na pambili ng pagkain. Hindi po namin alam kung sino ang naglagay ng mga salaping iyon sa mga sako namin."

23"Huwag kayong mag-alaala," sabi ng alipin. "Huwag kayong matakot. Ang inyong Diyos na siya ring Diyos ng inyong ama ang naglagay ng salaping iyon. Tinanggap ko na ang inyong kabayaran sa binili ninyong una." Pagkatapos ay inilabas ng katiwala si Simeon at isinama sa kanila.

24Sila'y pinapasok ng katiwala sa bahay ni Jose, pinaghugas ng mga paa, at pinakain ang kanilang mga asno.

25Pagkatapos, inilabas ng magkakapatid ang kanilang handog para ipagkaloob kay Jose pagdating nito. Narinig nilang doon sila magsasalu-salo.

26Pagdating ni Jose, yumukod silang lahat sa kanyang harapan at ibinigay ang dala nilang handog.

27Kinumusta sila ni Jose at pagkatapos ay tinanong, "Kumusta naman ang inyong ama? Malakas pa ba siya?"

28"Ginoo, buháy pa po siya at malakas," tugon nila. At sila'y lumuhod at yumukod muli sa harapan niya.

29Pagkakita ni Jose kay Benjamin, siya ay nagtanong, "Ito ba ang sinasabi ninyong bunsong kapatid? Pagpalain ka ng Diyos, anak!"

30Hindi mapaglabanan ni Jose ang kanyang damdamin, at halos siya'y mapaiyak dahil sa pagkakita sa kanyang kapatid. Kaya't siya'y pumasok sa kanyang silid at doon umiyak.

31Nang mapayapa na niya ang kanyang kalooban, naghilamos siya, lumabas, at nagpahain ng pagkain.

32Si Jose ay ipinaghaing mag-isa sa isang mesa, at ang kanyang mga kapatid ay sa ibang mesa. Magkakasalo naman ang mga Egipcio, sapagkat ikinahihiya nilang makasalo ang mga Hebreo.

33Kaharap ni Jose ang kanyang mga kapatid na sunud-sunod ang pagkaupo ayon sa gulang. Nagkatinginan sila at takang-taka sa gayong pagkakaayos ng kanilang upô.

34Idinudulot mula sa mesa ni Jose ang pagkain nila, at limang beses ang dami ng pagkaing idinulot kay Benjamin. Masaya silang kumain at nag-inuman.

## Genesis 44

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang Nawawalang Kopa

1Inutusan ni Jose ang kanyang katiwala, "Punuin mo ng trigo ang kanilang
mga sako at bago mo isara ay ilagay mo ang salaping ibinayad nila.

2At sa sako ng pinakabunso, ilagay mo pa ang aking kopang pilak." Ginawa
naman ng katiwala ang iniutos sa kanya.

3Kinabukasan, maaga pa'y umalis na ang magkakapatid, sakay ng kanilang
mga asno.

4Hindi pa sila nakakalayo sa lunsod, inutusan ni Jose ang kanyang katiwala,
"Habulin mo ang mga taong iyon, at sabihin mo sa kanila, 'Bakit naman
ginantihan ninyo ng masama ang kabutihang ipinakita namin sa inyo?

5Bakit ninyo ninakaw ang kopang pilak ng aking panginoon? Iyon ang
iniinuman ng aking panginoon, at ginagamit din niya iyon sa panghuhula.
Napakalaking kasalanan ang ginawa ninyong ito!'"

6Inabutan sila ng katiwala, at gayon nga ang sinabi sa kanila.

7Sumagot naman sila, "Ano pong ibig ninyong sabihin? Bakit kayo nagsalita
ng ganyan? Ni sa isip ay hindi namin magagawa iyan!

8Nakita naman ninyo, nakarating na kami sa Canaan, gayunma'y ibinalik pa
rin namin sa inyo ang salaping nakita namin sa loob ng aming sako. Bakit
kami magnanakaw ng pilak o ginto sa tahanan ng inyong panginoon?

9Ginoo, kung makita po ninyo sa sinuman sa amin ang kopang sinasabi ninyo
ay dapat mamatay, at alipinin ninyo kaming lahat."

10"Mabuti," tugon ng katiwala. "Kung kanino makita ang kopa, siya ang
gagawing alipin; makakalaya na ang iba."

11Ibinabâ nila ang kanilang mga sako at pinagbubuksan.

12Isa-isa itong hinalughog ng katiwala mula sa pinakamatanda hanggang sa
pinakabata, at natagpuan ang kopa sa sako ni Benjamin.

13Pinunit nila ang kanilang damit sa tindi ng kalungkutan, ikinargang muli sa
asno ang kanilang mga sako, at bumalik sa lunsod.

14Nasa bahay pa si Jose nang magbalik si Juda at ang kanyang mga kapatid.
Pagdating doon, sila'y yumukod sa kanyang harapan.

15Sinabi ni Jose, "Ano itong ginawa ninyo? Hindi ba ninyo alam na marunong
akong manghula? Wala kayong maitatago sa akin!"

16"Wala na po kaming masasabi," sagot ni Juda. "Wala po kaming
maikakatuwiran sa mga pangyayari. Diyos na po ang nagbunyag ng aming
pagkakasala. Kaya, hindi lamang ang kinakitaan ng kopa, kundi lahat kami'y
alipin na ninyo ngayon."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

17Sinabi ni Jose, “Hindi! Hindi ko gagawin iyon. Kung kanino nakita ang kopa, siya ang gagawin kong alipin; ang iba ay makakauwi na sa inyong ama.”

**Nagmakaawa si Juda**

18Lumapit si Juda kay Jose at ang sabi, “Nakikiusap po ako, ginoo, kung inyong mamarapatin. Huwag sana ninyong ikagagalit. Ang turing ko sa inyo'y para na kayong Faraon.

19Ginoo, tinanong ninyo kung mayroon pa kaming ama at kapatid.

20Ang sabi po nami'y may ama kaming matanda na at bunsong kapatid na anak niya sa katandaan. Patay na ang kapatid nito at siya na lamang ang buháy na anak ng kanyang ina, kaya mahal na mahal siya ng aming ama.

21Iniutos ninyong dalhin namin siya rito upang inyong makita.

22Ipinaliwanag po naming mahirap ilayo sa aming ama ang bata sapagkat maaaring ikamatay niya ito.

23Ngunit ang sabi naman ninyo'y hindi na ninyo kami tatanggapin dito kung hindi namin siya maihaharap sa inyo.

24“Ang lahat ng ito'y sinabi namin sa aming ama nang umuwi kami.

25Muli kaming inutusan ng aming ama na pumarito upang bumili ng kaunting pagkain.

26Ipinaalala namin sa kanya na hindi ninyo kami tatanggapin kung hindi kasama ang bunso naming kapatid.

27Sinabi po niya sa amin, ‘Alam naman ninyong dalawa lamang ang anak ng kanilang ina.

28Wala na ang isa; maaaring siya'y niluray ng mabangis na hayop.

29At kung ang natitira ay isasama pa ninyo, maaaring mamatay ako sa dalamhati.’

30“Ang buhay po ng aming ama ay karugtong na ng buhay ng bata, kaya kung babalik kami na hindi ito kasama,

31tiyak na siya'y mamamatay. Kapag nakita niyang hindi namin kasama ang bata, malalagutan siya ng hininga dahil sa kalungkutan.

32Ang isa pa'y itinaya ko ang aking buhay para sa bata. Sinabi ko po na kung siya'y hindi ko maibabalik, ako ang buntunan niya ng sisi.

33Kaya kung papayag kayo, ako na ang alipinin ninyo sa halip na itong aking bunsong kapatid. Pahintulutan na ninyong isama siya ng iba kong mga kapatid.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

34Hindi po ako makakauwi kung hindi kasama si Benjamin. Hindi ko po makakayanan ang matinding dagok na darating sa aming ama, kung iyon ang mangyayari.”

## Genesis 45

### Nagpakilala na si Jose

1Hindi na mapigil ni Jose ang kanyang damdamin, kaya pinaalis niya ang kanyang mga tagapaglingkod na naroon. Nang sila na lamang ang naroon, ipinagtapat ni Jose sa kanyang mga kapatid kung sino siya.

2Sa lakas ng kanyang iyak, narinig siya ng mga Egipcio, kaya't ang balita'y mabilis na nakarating sa palasyo.

3“Ako si Jose!” ang pagtatapat niya sa kanyang mga kapatid. “Buháy pa bang talaga ang ating ama?” Nagulantang sila sa kanilang narinig at hindi nakasagot.

4“Lumapit kayo,” sabi ni Jose. Lumapit nga sila, at nagpatuloy siya ng pagsasalita, “Ako nga si Jose, ang inyong kapatid na ipinagbili ninyo sa Egipto.

5Ngunit huwag na ninyong ikalungkot ang nangyari. Huwag ninyong sisihin ang inyong sarili sa ginawa ninyo sa akin. Ang Diyos ang nagpadala sa akin dito upang iligtas ang maraming buhay.

6Dalawang taon pa lamang ang taggutom, limang taon pa ang darating at walang aanihin sa mga bukirin.

7Pinauna ako rito ng Diyos upang huwag malipol ang ating lahi.

8Kaya, hindi kayo kundi ang Diyos ang nagpadala sa akin dito. Ginawa niya akong tagapayo ng Faraon, tagapangasiwa ng kanyang sambahayan at tagapamahala ng buong Egipto.”

9Sinabi pa ni Jose, “Bumalik kayo agad sa ating ama at ibalita ninyo na ako ang pinapamahala ng Diyos sa buong Egipto. Sabihin ninyong pumarito agad siya sa lalong madaling panahon.

10Doon siya titira sa lupain ng Goshen para mapalapit sa akin. Ang lahat niyang mga anak, mga apo, mga tupa, kambing, baka at lahat ng inyong ari-arian ay kanyang dalhin.

11Doo'y mapangangalagaan ko kayo. Limang taon pa ang taggutom, at hindi ko gustong makita ang sinuman sa inyo na naghihirap.

12Kitang-kita ninyo ngayon, pati ikaw, Benjamin, na ako talaga si Jose.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13 Ibalita ninyo sa ating ama ang taglay kong kapangyarihan dito sa Egipto, at ikuwento ninyo ang lahat ng inyong nakita. Hihintayin ko siya sa lalong madaling panahon."

14 Umiiyak niyang niyakap si Benjamin, at ito nama'y umiiyak ding yumakap kay Jose.

15 Patuloy siyang umiiyak habang isa-isang hinahagkan ang ibang kapatid.

16 Nakarating sa palasyo ang balita na ang mga kapatid ni Jose ay dumating. Ikinatuwa ito ng Faraon at ng kanyang mga kagawad.

17 Sinabi ng Faraon kay Jose, "Pakargahan mo ng pagkain ang mga hayop ng iyong mga kapatid, at pabalikin mo sila sa Canaan.

18 Sabihin mong dalhin dito ang inyong ama at ang buong sambahayan nila. Ibibigay ko sa kanila ang pinakamatabang lupain upang malasap nila ang masaganang pamumuhay rito.

19 Sabihin mo ring magdala sila ng mga karwahe para magamit ng kani-kanilang asawa at mga anak paglipat sa Egipto.

20 Huwag na nilang panghinayangang iwanan ang kanilang ari-arian doon, sapagkat ang pinakamabuting lupain dito ang ibibigay ko sa kanila."

21 Sinunod ng mga anak ni Israel ang utos na ito. Binigyan sila ni Jose ng mga sasakyan, gaya ng utos ng Faraon, at pinadalhan din ng pagkain sa kanilang paglalakbay.

22 Ang bawat isa'y binigyan ng tig-iisang bihisan, maliban kay Benjamin. Lima ang kanyang bihisan at pinadalhan pa ng tatlong daang pirasong pilak.

23 Pinadalhan niya ang kanyang ama ng pinakamabuting produkto ng Egipto, karga ng sampung asno. Sampung asno rin ang may kargang trigo, tinapay at iba't ibang pagkain upang may baon ang kanilang ama sa paglalakbay.

24 Inutusan ni Jose na lumakad na ang kanyang mga kapatid ngunit bago umalis ay sinabi sa kanila, "Huwag na kayong magtatalu-talo sa daan."

25 Umalis nga sila sa Egipto at umuwi sa Canaan.

26 Pagdating doo'y sinabi nila kay Jacob, "Ama, buháy pa po si Jose! Siya ngayon ang namamahala sa buong Egipto!" Natigilan si Jacob, at halos hindi siya makapaniwala sa balitang ito.

27 Ngunit nang maisalaysay sa kanya ang bilin ni Jose at makita ang mga karwaheng ipinadala ni Jose, sumigla ang kanyang kalooban.

28 "Salamat sa Diyos!" sabi ni Jacob. "Buháy pa pala ang aking anak! Pupuntahan ko siya bago ako mamatay."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Genesis 46

### Nagpunta sa Egipto ang Sambahayan ni Jacob

1Naglakbay nga si Israel, dala ang lahat niyang ari-arian. Pagdating sa Beer-seba, naghandog siya sa Diyos ng kanyang amang si Isaac.

2Pagsapit ng gabi, tinawag siya ng Diyos sa isang pangitain, "Jacob, Jacob!" "Narito po ako," sagot niya.

3"Ako ang Diyos, ang Diyos ng iyong ama," sabi sa kanya. "Huwag kang matakot na pumunta sa Egipto. Doon, ang lahi mo'y magiging isang malaking bansa.

4Sasamahan ko kayo roon at ibabalik muli rito. Nasa piling mo si Jose kapag ikaw ay namatay."

5Mula sa Beer-seba'y naglakbay si Jacob. Siya, at ang kanyang mga apo at mga manugang ay isinakay ng kanyang mga anak sa mga karwaheng ipinadala ng Faraon.

6Dinala rin nila sa Egipto ang kanilang mga kawan at kagamitan mula sa Canaan. Kasama nga niya

7ang kanyang mga anak, mga manugang at mga apo.

8Ito ang talaan ng lahi ni Israel na nagpunta sa Egipto—si Jacob at ang kanyang mga anak at mga apo: si Ruben na kanyang panganay

9at ang mga anak nitong sina Enoc, Fallu, Hezron at Carmi;

10si Simeon at ang mga anak nitong sina Jemuel, Jamin, Ohad, Jaquin, Zohar at si Saul na anak ng babaing taga-Canaan.

11Si Levi at ang mga anak nitong sina Gershon, Coat at Merari;

12si Juda at ang mga anak nitong sina Sela, Fares at Zara. Si Er at Onan ay namatay sa Canaan. Ang mga anak ni Fares na sina Hezron at Hamul.

13Si Isacar at ang mga anak nitong sina Tola, Pua, Job at Simron.

14Si Zebulun at ang mga anak nitong sina Sered, Elon at Jahleel.

15Ito ang mga anak at apo ni Jacob kay Lea na pawang ipinanganak sa Mesopotamia. Kabilang dito si Dina, ang anak na dalaga ni Jacob. Tatlumpu't tatlo silang lahat.

16Kasama rin dito si Gad at ang mga anak nito na sina Zifion, Hagui, Suni, Ezbon, Eri, Arodi at Areli;

17si Asher at ang mga anak nitong sina Jimna, Isua, Isui, Beria at ang babaing kapatid nilang si Sera. Ang mga anak ni Beria ay sina Heber at Malquiel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Ang mga anak at mga apo ni Jacob kay Zilpa, ang aliping ibinigay ni Laban kay Lea, ay labing-anim.

19Kabilang din sa talaang ito ang mga anak at mga apo ni Jacob kay Raquel: sina Jose at Benjamin;

20sina Manases at Efraim, mga anak ni Jose kay Asenat na anak ni Potifera na pari sa Heliopolis. Ang dalawang ito'y sa Egipto isinilang.

21Ang mga anak ni Benjamin ay sina Bela, Bequer, Asbel, Gera, Naaman, Ehi, Ros, Mupim, Hupim at Ard.

22Labing-apat ang mga anak at mga apo ni Jacob kay Raquel.

23Kabilang pa rin dito si Dan at ang bugtong niyang anak na si Husim; at

24si Neftali at ang mga anak nitong sina Jahzeel, Guni, Jeser at Silem.

25Pito ang mga anak at mga apo ni Jacob kay Bilha, ang aliping ibinigay ni Laban kay Raquel.

26Animnapu't anim ang mga anak at mga apo ni Jacob na nagpunta sa Egipto. Hindi kabilang dito ang kanyang mga manugang.

27Dalawa ang naging anak ni Jose sa Egipto, kaya ang kabuuang bilang ng sambahayan ni Jacob na natipon doon ay pitumpu.

**Si Jacob at ang Kanyang Sambahayan sa Egipto**

28Si Juda ang isinugo ni Israel kay Jose upang siya'y salubungin.

29Dali-daling ipinahanda ni Jose ang sasakyan niya at sinalubong ang kanyang ama sa Goshen. Nang sila'y magkita, agad niyang niyakap ang kanyang ama, at matagal na umiyak.

30Sinabi naman ni Israel, “Ngayo'y handa na akong mamatay sapagkat nakita na kitang buháy.”

31Sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid at sa buong sambahayan ni Jacob, “Ibabalita ko sa Faraon na dumating na kayo buhat sa Canaan.

32Sasabihin kong kayo'y mga pastol; dala ninyo ang inyong mga kawan, at lahat ninyong ari-arian.

33Kung ipatawag kayo ng Faraon at tanungin kung ano ang inyong gawain,

34sabihin ninyong kayo'y nag-aalaga na ng mga baka buhat sa pagkabata, tulad ng inyong mga ninuno. Sa gayon, maaari kayong manirahan sa lupaing ito.” Sinabi niya ito sapagkat ang mga taga-Egipto'y namumuhi sa mga pastol.

## Genesis 47

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1-2Isinama ni Jose ang lima sa kanyang mga kapatid at nagpunta sa Faraon. Sinabi niya, “Dumating na po ang aking ama't mga kapatid buhat sa Canaan, dala ang kanilang mga kawan, at lahat ng ari-arian. Naroon po sila ngayon sa Goshen.” At ipinakilala niya sa Faraon ang kanyang mga kapatid.

3Tinanong sila ng Faraon, “Ano ang trabaho ninyo?” “Kami po'y mga pastol, tulad ng aming mga ninuno,” tugon nila.

4“Nakarating po kami rito sapagkat sa amin sa Canaan ay wala na kaming mapagpastulan. Kung maaari po, doon na ninyo kami patirahin sa lupain ng Goshen.”

5Sinabi ng Faraon kay Jose, “Ngayong narito na ang iyong ama at mga kapatid,

6at ikaw naman ang namamahala sa buong Egipto, ibigay mo sa kanila ang pinakamainam na lupain. Doon mo sila patirahin sa Goshen. Kung may mapipili kang mahuhusay na pastol, sila ang pamahalain mo sa aking mga kawan.”

7Isinama ni Jose ang kanyang ama sa palasyo at pagdating doo'y binasbasan ni Jacob ang Faraon.

8“Ilang taon na kayo?” tanong ng Faraon kay Jacob.

9Sumagot siya, “Umabot na po sa 130 taon ang aking pagpapalipat-lipat ng tahanan. Maikli at mahirap ang aking naging buhay dito sa lupa. Malayung-malayo sa naging buhay ng aking mga ninuno.”

10Matapos magpaalam sa Faraon, umalis na si Jacob.

11Sa utos ng Faraon, ibinigay ni Jose sa kanyang ama at mga kapatid ang pinakamabuting lupain ng Rameses sa bansang Egipto.

12Ang buong sambahayan ni Jacob hanggang sa kaliit-liitan ay kinalinga ni Jose.

### Ang Pamamahala ni Jose sa Panahon ng Taggutom

13Nang maubos na ang pagkain sa buong Canaan at Egipto, at ang mga tao'y hirap na hirap na sa gutom,

14kay Jose bumibili ng pagkain ang lahat. Iniipon naman ni Jose ang pinagbilhan at dinadala sa kabang-yaman ng Faraon.

15Dumating ang panahong wala nang maibayad ang mga tao, kaya't sinabi nila kay Jose, “Mamamatay kami ng gutom, bigyan mo kami ng pagkain.”

16Kaya't sinabi ni Jose, “Kung wala na kayong salapi, palitan na lang ninyo ng hayop ang pagkaing ibibigay ko sa inyo.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17At gayon nga ang kanilang ginawa; ipinagpalit nila ang kanilang mga kabayo, tupa, kambing, baka at asno sa pagkaing kinukuha nila. Isang taon silang binibigyan ni Jose ng pagkain bilang kapalit ng mga hayop.

18Nang sumunod na taon, lumapit na naman sa kanya ang mga tao. Sinabi nila, “Hindi namin maikakaila sa inyong kamahalan na ngayo'y ubos na ang lahat naming salapi at mga alagang hayop. Wala na pong nalalabi sa amin kundi ang aming katawan at bukirin.

19“Kaya, tulungan naman ninyo kami; huwag ninyo kaming hayaang mamatay sa gutom at mapabayaan ang aming lupain. Bigyan ninyo kami ng makakain at binhing pananim nang kami'y huwag mamatay. Payag na po kaming maging alipin ng Faraon at ibenta sa kanya ang aming lupain.”

20Nangyari nga ito, kaya't nakuha ni Jose para sa Faraon ang lahat ng lupain ng mga taga-Egipto dahil sa tindi ng taggutom noon.

21Ang lahat ng tao sa Egipto ay ginawa ni Jose na mga alipin ng Faraon.

22Ang hindi lamang nabili ni Jose ay ang lupain ng mga pari, sapagkat ang mga ito ay may sapat na sustento ng Faraon.

23Sinabi ni Jose sa mga tao, “Ngayo'y nabili ko na kayo at ang inyong mga lupain para sa Faraon. Bibigyan ko kayo ng binhing itatanim.

24Ibibigay ninyo sa Faraon ang ikalimang bahagi ng inyong aanihin. Inyo na ang nalalabi para muling itanim at maging pagkain ng inyong pamilya.”

25Sumagot ang mga tao, “Napakabuti ninyo sa amin; iniligtas ninyo kami. Handa po kaming maglingkod sa Faraon.”

26Mula noon, ginawang batas ni Jose sa lupain ng Egipto na ang ikalimang bahagi ng ani ay para sa Faraon. Umiiral pa hanggang ngayon ang batas na ito maliban sa lupa ng mga pari, sapagkat ito'y hindi saklaw ng Faraon.

**Huling Habilin ni Jacob**

27Nanirahan nga ang mga Israelita sa lupain ng Goshen sa Egipto. Yumaman sila roon at dumami ang kanilang lahi.

28Labimpitong taóng tumira roon si Jacob at umabot siya ng 147 taon.

29Nang maramdaman niyang malapit na siyang mamatay, tinawag niya si Jose at sinabi, “Ilagay mo sa pagitan ng aking mga hita ang iyong kamay at ipangako mong magiging tapat ka sa akin, at hindi mo ako ililibing sa Egipto.

30Ilabas mo ako sa Egipto at isama mo ako sa libingan ng aking mga magulang.” “Masusunod po ang nais ninyo,” sagot ni Jose.

31Sinabi ni Jacob, “Kung gayon, sumumpa ka sa akin.” Nanumpa nga si Jose, at si Jacob ay yumuko sa may ulunan ng higaan at nanalangin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Genesis 48

### Binasbasan ni Jacob sina Efraim at Manases

[1]Nabalitaan ni Jose na may sakit ang kanyang ama, kaya't isinama niya ang dalawang anak na lalaki, sina Manases at Efraim, at dinalaw ang matanda.

[2]Nang sabihin kay Jacob na dumating si Jose, nagpilit siyang bumangon at naupo sa kanyang higaan.

[3]Sinabi niya kay Jose, “Nang ako'y nasa Luz, nagpakita sa akin ang Makapangyarihang Diyos at binasbasan ako.

[4]Sinabi niya na darami ang aking mga anak at ang aking lahi ay magiging isang malaking bansa, at ibibigay niya sa kanila ang lupaing iyon habang panahon.

[5]Ang dalawa mong anak na isinilang dito sa Egipto bago ako dumating ay ibibilang sa aking mga anak. Kaya, tulad nina Ruben at Simeon, sina Efraim at Manases ay magiging tagapagmana ko rin.

[6]Ngunit ang susunod mong mga anak ay mananatiling iyo at ibibilang na lamang sa lipi ng dalawa nilang kapatid.

[7]Ipinasiya ko ito alang-alang kay Raquel na iyong ina. Nang pabalik ako buhat sa Mesopotamia, namatay siya sa Canaan, malapit sa Efrata. At dinamdam ko nang labis ang kanyang pagpanaw. Doon ko na siya inilibing.” (Ang Efrata ay tinatawag ngayong Bethlehem.)

[8]Nang makita ni Israel ang mga anak ni Jose, tinanong ito, “Ito ba ang iyong mga anak?”

[9]“Opo! Sila po ang ipinagkaloob sa akin ng Diyos dito sa Egipto,” tugon niya. Sinabi ni Israel, “Ilapit mo sila sa akin at babasbasan ko.”

[10]Halos hindi na makakita noon si Israel dahil sa kanyang katandaan. Inilapit nga ni Jose ang mga bata at sila'y niyakap at hinagkan ng matanda.

[11]Sinabi ni Jacob kay Jose, “Wala na akong pag-asa noon na makikita pa kita. Ngayon, nakita ko pati iyong mga anak.”

[12]Inalis ni Jose ang mga bata sa kandungan ni Israel at yumuko siya sa harapan nito.

[13]Pagkatapos, inilapit niya sa matanda ang dalawang bata, si Efraim sa gawing kaliwa at si Manases sa gawing kanan nito.

[14]Ngunit pinagkurus ni Israel ang kanyang kamay at ipinatong ang kanan sa ulo ng nakababatang si Efraim at ang kaliwa sa ulo ni Manases.

[15]At sila'y binasbasan, “Pagpalain nawa kayo at palaging subaybayan, ng Diyos na pinaglingkuran ni Isaac at ni Abraham; ng Diyos na sa aki'y

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

nangalaga't pumatnubay, simula sa pagkabata't magpahanggang ngayon man.

[16]At pati na ang anghel na sa akin ay nagligtas, pagpalain nawa kayo, tanggapin ang kanyang basbas; maingatan nawa ninyo at taglayin oras-oras ang ngalan ko, at ang ngalan ni Abraham at ni Isaac. Nawa kayo ay lumago, dumami at lumaganap."

[17]Nang makita ni Jose ang ginawa ng kanyang ama, minasama niya iyon kaya't hinawakan niya ang kanang kamay nito upang ilipat sa ulo ni Manases.

[18]Wika niya, "Ito po ang matanda, ama. Sa kanya ninyo ipatong ang inyong kanang kamay."

[19]Ngunit sinabi ni Jacob, "Alam ko iyan, anak, alam ko. Alam kong magiging dakila si Manases, pati ang kanyang mga anak, ngunit lalong magiging dakila ang nakababata niyang kapatid. Ang kanyang lahi ay magiging dakilang mga bansa."

[20]Sinabi pa niya ito: "Ang mga Israelita, sa Diyos ay hihilingin, dahil kayo'y pinagpala, sila ma'y pagpalain din. Sa kanilang kahilingan, ganito ang sasabihin: 'Kayo nawa ay matulad kay Efraim at Manases.'" Sa ganitong paraan ginawa ni Jacob na una si Efraim kay Manases.

[21]Pagkatapos nito, sinabi ni Israel, "Jose, ako'y mamamatay na ngunit huwag kang mababahala. Sasamahan ka ng Diyos at kayo'y ibabalik niya sa lupain ng inyong mga ninuno.

[22]Ikaw ang tanging magmamana ng Shekem na nakuha ko sa mga Amoreo sa pamamagitan ng aking tabak at pana."

## Genesis 49

### Ang Pahayag ni Jacob tungkol sa Kanyang mga Anak

[1]Ipinatawag ni Jacob ang kanyang mga anak at sinabi, "Lumapit kayo sa akin, at sasabihin ko sa inyo ang mangyayari sa inyo sa hinaharap:

[2]"Kayo mga anak, magsilapit sa akin, akong inyong ama ay sumandaling dinggin.

[3]"Si Ruben ang aking panganay na anak, sa lahat kong supling ay pinakamalakas;

[4]mapusok ang loob, baha ang katulad, bawat madaanan ay sumasambulat. Sa kabila nito'y hindi ka sisikat, hindi mangunguna, hindi matatanyag; pagkat ang ama mo ay iyong hinamak, dangal ng aliping-asawa ko ay iyong winasak.

[5]"Simeon at Levi na magkapatid, ang sandata ninyo'y ipinanlulupig;

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6sa usapan ninyo'y di ako sasali, sa inyong gawain, hindi babahagi. Kapag
nagagalit agad pumapatay, lumpo pati hayop kung makatuwaan.

7Kayo'y susumpain, sa bangis at galit, sa ugali ninyo na mapagmalabis;
kayo'y magkawatak-watak sa buong lupain, sa buong Israel ay
pangangalatin.

8“Ikaw naman, Juda, ay papupurihan niyong mga anak ng ina mong mahal,
hawak mo sa leeg ang iyong kaaway, lahat mong kapatid sa iyo'y gagalang.

9Mabangis na leon ang iyong larawan, muling nagkukubli matapos pumatay;
ang tulad ni Juda'y leong nahihimlay, walang mangangahas lumapit sinuman.

10Setrong sagisag ng lakas at kapangyarihan sa kanya kailanma'y hindi
lilisan; mga bansa sa kanya'y magkakaloob, mga angkan sa kanya'y
maglilingkod.

11Batang asno niya doon natatali, sa puno ng ubas na tanging pinili; mga
damit niya'y doon nilalabhan, sa alak ng ubas na lubhang matapang.

12Mata'y namumula dahilan sa alak, ngipi'y pumuputi sa inuming gatas.

13“Sa baybaying-dagat doon ka, Zebulun, ang sasakyang-dagat sa iyo
kakanlong; ang iyong lupai'y aabot sa Sidon.

14“Malakas na asno ang katulad mo, Isacar, ngunit sa kulungan ka
maglulumagak.

15Nang kanyang makita iyong pahingahan, ang lupain doo'y tunay na
mainam, tiniis na niyang makuba sa pasan, nagpaalipin na kahit mahirapan.

16“Si Dan ay magiging isang pangunahin, katulad ng ibang pinuno ng Israel.

17Ahas na mabagsik sa tabi ng daan, na handang tumuklaw sa kabayong
daraan; upang maihulog iyong taong sakay.

18“Sa pagliligtas mo, O Diyos, ako'y maghihintay.

19“Haharangin si Gad ng mga tulisan, lalabanan niya at magtatakbuhan.

20“Ang bukid ni Asher ay pag-aanihan ng mga pagkain ng taong marangal.

21“Si Neftali naman ay tulad ng usa, malaya't ang dalang balita'y maganda.

22“Si Jose nama'y baging na mabunga. Sa tabi ng bukal nakatanim siya,
paakyat sa pader ang pagtubo niya.

23Mga mangangaso ang nagpapahirap, hinahabol siya ng palaso't sibat.

24Subalit ang iyong busog ay mananatiling malakas, ang iyong mga bisig ay
palalakasin, ang dahilan nito'y ang Diyos ni Jacob, pastol ng Israel, matibay
na muog.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25 Diyos ng iyong ama'y siyang sasaklolo, ang Makapangyarihang Diyos magbabasbas sa iyo. Magbuhat sa langit, bubuhos ang ulan, malalim na tubig sa lupa'y bubukal; dibdib na malusog, pati bahay-bata'y pagpapalain di't kanyang babasbasan.

26 Darami ang ani, bulaklak gayon din, maalamat na bundok ay pagpapalain; pati mga burol magkakamit-aliw. Pagpapalang ito nawa ay makamit ni Joseng nawalay sa mga kapatid.

27 “Tulad ni Benjami'y lobong pumapatay, sumisila ito ng inaalmusal. Kung gabi, ang huli'y pinaghahatian.”

28 Ito ang labindalawang anak ni Israel, at gayon sila binasbasan ng kanilang ama ayon sa basbas na angkop sa kanila.

**Namatay at Inilibing si Jacob**

29 Pagkatapos, sinabi ni Jacob sa kanyang mga anak, “Ngayo'y papanaw na ako upang makasama ng mga ninunong namayapa na. Doon ninyo ako ililibing sa pinaglibingan sa aking mga magulang, sa yungib sa bukid ni Efron na Heteo.

30 Ang libingang iyo'y nasa Macpela, sa silangan ng Mamre, sa may Canaan. Binili iyon ni Abraham,

31 at doon siya inilibing pati ang kanyang asawang si Sara. Doon din inilibing ang mag-asawang Isaac at Rebeca, at doon ko rin inilibing si Lea.

32 Ang bukid at yungib na iyon ay binili nga sa mga Heteo.”

33 Matapos masabi ang lahat ng ito, siya ay humimlay at namatay.

## Genesis 50

1 Niyakap ni Jose ang kanyang ama at umiiyak na hinagkan.

2 Pagkatapos, inutusan niya ang kanyang mga manggagamot na embalsamuhin ang bangkay.

3 Ayon sa kaugalian ng mga Egipcio, apatnapung araw ang ginugol nila sa paggawa nito. Pitumpung araw na nagluksa ang bansang Egipto.

4 Pagkatapos ng pagluluksa, sinabi ni Jose sa mga kagawad ng Faraon, “Pakisabi nga ninyo sa Faraon na

5 hinilingng aking ama bago namatay na doon ko siya ilibing sa libingan na kanyang inihanda sa Canaan. At aking naipangakong susundin ko ang kanyang bilin. Kaya, humihingi ako ng pahintulot na dalhin ko roon ang kanyang bangkay at babalik agad ako pagkatapos.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Sumagot ang Faraon, “Lumakad ka na at ilibing mo ang iyong ama ayon sa iyong pangako sa kanya.”

7Sumama kay Jose para makipaglibing ang lahat ng kagawad ng Faraon, ang mga may matataas na katungkulan sa palasyo at ang mga kilalang mamamayan sa buong Egipto.

8Kasama rin ni Jose ang kanyang mga kapatid at ang buong sambahayan ng kanyang ama. Ang naiwan lamang sa Goshen ay ang maliliit na bata, mga kawan ng tupa, kambing at baka.

9May mga nangangabayo, may mga sakay sa karwahe—talagang napakarami nila.

10Pagsapit nila sa giikan sa Atad, sa silangan ng Ilog Jordan, huminto muna sila. Nagdaos sila roon ng luksang-parangal sa yumao, at pitong araw na nagdalamhati roon si Jose.

11Nasaksihan ng mga taga-Canaan ang ginawang pagpaparangal na ito, kaya't nasabi nila, “Ganito palang magluksa ang mga taga-Egipto!” Dahil dito'y tinawag na Abelmizraim ang lugar na iyon.

12Sinunod nga ng mga anak ni Jacob ang hiling ng kanilang ama.

13Dinala nila sa Canaan ang bangkay at doon inilibing sa yungib na nasa kaparangan ng Macpela, silangan ng Mamre, na binili ni Abraham kay Efron na Heteo.

14Matapos ilibing ang ama, si Jose'y nagbalik sa Egipto, kasama ang kanyang mga kapatid at lahat ng kasama sa paglilibing.

**Binigyan ni Jose ng Kapanatagan ang mga Kapatid**

15Mula nang mamatay ang kanilang ama, nag-alala na ang mga kapatid ni Jose. Sabi nila, “Paano kung galit pa sa atin si Jose at gantihan tayo sa kalupitang ginawa natin sa kanya?”

16Nagpasugo sila kay Jose at ipinasabi ang ganito: “Bago namatay ang ating ama, ipinagbilin niya na sabihin ito sa iyo,

17‘Nakikiusap ako na patawarin mo na ang iyong mga kapatid sa ginawa nila sa iyo.’ Kaya naman ngayon, nagsusumamo kami sa iyo na patawarin mo kaming mga lingkod ng Diyos ng iyong ama.” Napaiyak si Jose nang marinig ito.

18Lumapit lahat ang kanyang mga kapatid at yumuko sa harapan niya. “Kami'y mga alipin mo,” wika nila.

19Ngunit sinabi ni Jose, “Huwag kayong matakot! Maaari ko bang palitan ang Diyos?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

20Masama nga ang inyong ginawa sa akin, subalit ipinahintulot iyon ng Diyos para sa kabutihan, at dahil doo'y naligtas ang marami ngayon.

21Kaya, huwag na kayong mag-alala. Ako ang bahala sa inyo at sa inyong mga anak." Napanatag ang kanilang kalooban sa mga sinabing ito ni Jose.

**Ang Pagkamatay ni Jose**

22Nanatili nga si Jose sa Egipto kasama ang kanyang mga kapatid. Umabot siya ng 110 taon bago namatay.

23Inabot pa siya ng mga apo ni Efraim, gayundin ng mga apo niya kay Maquir na anak ni Manases.

24Sinabi niya sa kanyang mga kapatid, "Malapit na akong mamatay, ngunit huwag kayong mag-alala. Iingatan kayo ng Diyos at ibabalik sa lupaing ipinangako niya kina Abraham, Isaac at Jacob."

25Pagkatapos, ipinagbilin niya sa mga Israelita ang gagawin sa kanyang bangkay. Wika niya, "Isumpa ninyo sa akin na kapag kayo'y inilabas na ng Diyos sa lupaing ito, dadalhin ninyo ang aking mga buto."

26Namatay nga si Jose sa gulang na 110 taon. Siya'y inembalsamo sa Egipto at inilagay sa isang kabaong.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Exodo

## Exodo 1

### Ang Pang-aapi sa mga Israelita

1Ito ang mga anak ni Jacob na kasama niyang pumunta sa Egipto, kasama ang kani-kanilang sambahayan:

2sina Ruben, Simeon, Levi, Juda,

3Isacar, Zebulun, Benjamin,

4Dan, Neftali, Gad at Asher;

5silang lahat ay pitumpu. Si Jose ay matagal nang nasa Egipto noon.

6Paglipas ng panahon, namatay si Jose, ang kanyang mga kapatid at ang kanilang salinlahi.

7Ngunit mabilis ang pagdami ng mga Israelita kaya't sila'y naging makapangyarihan at halos napuno nila ang buong lupain.

8Lumipas ang panahon at nagkaroon ang Egipto ng ibang hari na hindi nakakakilala kay Jose.

9Sinabi niya sa kanyang mga kababayan, “Nanganganib tayo sa mga Israelita. Sila'y patuloy na dumarami at lumalakas kaysa atin.

10Kailangang gumawa tayo ng paraan upang mapigil ang kanilang pagdami. Baka salakayin tayo ng ating mga kaaway at kumampi pa sila sa mga ito, at pagkatapos ay tumakas sa ating lupain.”

11Kaya't naglagay sila ng mababagsik na tagapangasiwa upang pahirapan ang mga Israelita; ipinagawa ng Faraon sa mga ito ang mga Lunsod ng Pitom at Rameses, mga lunsod na imbakan ng mga pagkain at kagamitan.

12Ngunit habang inaapi, ang mga ito ay lalo namang dumarami at naninirahan ang mga Israelita sa iba't ibang bayan kaya't sila'y kinatakutan ng mga Egipcio.

13Dahil dito, ang mga Israelita'y lalong walang awang

14pinahirapan ng mga Egipcio sa paggawa ng tisa at ng iba't ibang mabibigat na gawaing bukid.

15Isang araw, ipinatawag ng Faraon sina Sifra at Pua, ang mga komadronang Hebreo at sinabihan nang ganito:

16“Sa pagpapaanak ninyo sa mga Hebrea, patayin ninyo kung lalaki ang sanggol, at hayaan ninyong mabuhay kung babae.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[17]Ngunit dahil sa takot nila sa Diyos, hindi sinunod ng mga komadrona ang utos ng hari; hindi nila pinapatay ang mga sanggol na lalaki.

[18]Dahil dito'y ipinatawag sila ng hari at tinanong, “Bakit hindi ninyo pinapatay ang mga sanggol na lalaking isinisilang ng mga Hebrea?”

[19]“Mangyari po, iba ang mga Hebrea sa mga Egipcia. Madali po silang manganak kaya naisilang na ang sanggol pagdating namin,” sagot nila.

[20]Kaya't patuloy na dumami at lumakas ang mga Israelita. Ang mga komadrona naman ay kinalugdan ng Diyos.

[21]Sila'y pinagkalooban niya ng mga sariling pamilya.

[22]Iniutos naman ng Faraon sa lahat ng kanyang nasasakupan na itapon sa Ilog Nilo ang lahat ng lalaking isisilang ng mga Hebrea at hayaan namang mabuhay ang mga babae.

## Exodo 2

### Ang Pagliligtas kay Moises

[1]May mag-asawang buhat sa lipi ni Levi

[2]na nagkaanak ng isang lalaki. Napakaganda ng bata kaya't tatlong buwan itong itinago ng ina.

[3]Nang hindi na siya maaaring itago pa, kumuha ang kanyang ina ng isang basket na yari sa tangkay ng tambo at pinahiran ng alkitran upang hindi pasukin ng tubig. Pagkatapos, inilagay niya rito ang sanggol at inilagay sa talahiban sa may pampang ng ilog.

[4]Ang kapatid na babae naman ng sanggol ay tumayo sa di kalayuan upang tingnan kung ano ang mangyayari.

[5]Maliligo noon sa ilog ang anak na babae ng Faraon. Natanaw niya ang basket kaya't ito'y ipinakuha niya sa isa sa kanyang mga katulong na naglalakad-lakad naman sa tabing ilog.

[6]Nang maiabot sa kanya ang basket, inalis niya ang takip nito at nakita ang batang umiiyak. Naawa siya at kanyang nasabi, “Ito'y anak ng isang Hebrea.”

[7]Ang kapatid naman ng bata ay lumapit sa prinsesa at kanyang sinabi, “Kung gusto po ninyo, ihahanap ko kayo ng isang Hebreang mag-aalaga sa sanggol na iyan.”

[8]“Sige, ihanap mo ako,” sagot ng prinsesa. Umalis ang batang babae at tinawag ang mismong ina ng bata.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Nang dumating ito, sinabi ng prinsesa, “Alagaan mo ang sanggol na ito at uupahan kita.” Kinuha ng ina ang sanggol at inalagaan.

10Nang malaki na ang bata, dinala siya ng kanyang ina sa prinsesa, at siya'y itinuring na anak nito. Sinabi niya, “Iniahon ko siya sa tubig, kaya Moises ang ipapangalan ko sa kanya.”

**Tumakas si Moises**

11Nang binata na si Moises, dinalaw niya ang kanyang mga kababayan at nakita niya ang hirap na tinitiis ng mga ito dahil sa mabibigat na gawain. Nakita pa niyang sinasaktan ng isang Egipcio ang isang Hebreo.

12Tumitingin-tingin siya sa paligid. Nang wala siyang makitang tao, pinatay niya ang Egipcio at tinabunan ito ng buhangin.

13Nagbalik siya kinabukasan at may nakita siyang dalawang Hebreong nag-aaway. Tinanong niya ang may kasalanan, “Bakit mo sinasaktan ang kapwa mo Hebreo?”

14“Sino ang nagbigay sa iyo ng kapangyarihang mangasiwa at humatol sa amin? Papatayin mo rin ba ako, tulad ng ginawa mo sa Egipcio?” tanong nito sa kanya. Natakot si Moises nang marinig niya ito at noon niya nabatid na may nakakita pala sa ginawa niya sa Egipcio.

15Nakarating ang balita kay Faraon kaya ibig niyang ipapatay si Moises, ngunit ito'y nakatakas at nakarating sa Midian. Pagdating sa Midian, naupo siya sa tabi ng isang balon.

16Dumating naman ang pitong anak na babae ng pari roon upang sumalok ng tubig at painumin ang kawan ng kanilang ama.

17Ngunit may dumating na mga pastol at itinaboy sila. Nakita ni Moises ang pangyayari kaya sinaklolohan niya ang mga babae at tinulungang magpainom sa kawan.

18Maagang nakauwi ang mga babae, kaya tinanong sila ng kanilang amang si Reuel, “Bakit maaga kayo ngayon?”

19“Mangyari po, ipinagtanggol kami ng isang Egipcio laban sa mga pastol. Isinalok niya kami ng tubig at pagkatapos pinainom pa niya ang kawan,” sagot nila.

20“Nasaan siya? Bakit di ninyo isinama rito at nang makasalo natin sa pagkain?” tanong ng ama. At ipinatawag nga si Moises.

21Mula noon, doon na nanirahan si Moises at ipinakasal sa kanya ni Jetro ang anak nitong si Zipora.

22Dumating ang araw na si Zipora'y nanganak ng isang lalaki. Sabi ni Moises, “Ako'y dayuhan sa lupang ito, kaya tatawagin kong Gersom ang batang ito.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Pagkalipas ng mahabang panahon, namatay ang Faraon ngunit dumaraing pa rin ang mga Israelita sa patuloy na pang-aalipin sa kanila ng mga Egipcio.

24Narinig ng Diyos ang kanilang daing at naalala niya ang ginawa niyang kasunduan kina Abraham, Isaac at Jacob.

25Nakita niya ang kalagayan ng mga Israelita at siya'y nahabag sa kanila.

## Exodo 3

### Tinawag ng Diyos si Moises

1Samantala, habang nagpapastol si Moises ng kawan ng biyenan niyang si Jetro na pari sa Midian, itinawid niya ang kawan sa gawing kanluran ng disyerto at nakarating siya sa Sinai, ang Bundok ng Diyos.

2Doon, ang anghel ni Yahweh ay nagpakita sa kanya na parang apoy na nagmumula sa gitna ng isang mababang punongkahoy. Kitang-kita ni Moises na nagliliyab ang puno ngunit hindi nasusunog.

3Kaya't nasabi niya sa kanyang sarili, “Nakakapagtaka naman ito! Titingnan ko ngang mabuti kung bakit hindi iyon natutupok gayong nagliliyab.”

4Nang lalapit na si Moises, tinawag siya ni Yahweh buhat sa nagliliyab na punongkahoy, “Moises, Moises.” “Ano po iyon?” sagot niya.

5Sinabi ng Diyos, “Huwag kang lumapit. Hubarin mo ang iyong sandalyas sapagkat banal na lugar ang kinatatayuan mo.

6Ako ang Diyos na sinamba ng iyong mga ninuno, ang Diyos ni Abraham, ni Isaac at ni Jacob.” Tinakpan ni Moises ang kanyang mukha sapagkat natatakot siyang tumingin sa Diyos.

7Sinabi sa kanya ni Yahweh, “Nakita kong labis na pinahihirapan ng mga Egipcio ang aking bayan. Alam ko ang hirap na kanilang tinitiis at narinig ko ang kanilang pagdaing.

8Kaya't bumabâ ako upang sila'y iligtas, ilabas sa Egipto at ihatid sa lupaing mainam, malawak, mayaman, at sagana sa lahat ng bagay. Ito'y ang lupain ng mga Cananeo, Heteo, Amoreo, Perezeo, Hivita at Jebuseo.

9Naririnig ko nga ang pagdaing ng aking bayan at nakikita ko ang pang-aaping ginagawa sa kanila ng mga Egipcio.

10Kaya't papupuntahin kita sa Faraon upang ilabas mo sa Egipto ang aking bayang Israel.”

11Sumagot si Moises, “Sino po ako para humarap sa Faraon at ilabas ang bayang Israel mula sa Egipto?”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12“Huwag kang mag-alala, hindi kita pababayaan. At ito ang magiging katibayan na ako ang nagsugo sa iyo: sa bundok ding ito sasambahin ninyo ako kapag nailabas mo na sa Egipto ang aking bayan,” sabi ng Diyos.

13Sinabi ni Moises, “Pupunta ako sa mga Israelita at sasabihin sa kanilang ako'y sinugo ng Diyos ng aming ninuno. Ngunit ano po ang sasabihin ko kung itanong nila kung sino ang nagsugo sa akin?”

14Sinabi ng Diyos, “Ako'y si Ako Nga. Sabihin mo sa mga Israelita na sinugo ka ng Diyos na ang pangalan ay ‘Ako Nga’.

15Sabihin mo sa kanila na sinugo ka ni Yahweh, ng Diyos ng inyong mga ninuno, ang Diyos nina Abraham, Isaac at Jacob. At ito ang pangalang itatawag nila sa akin magpakailanman.

16Lumakad ka na at tipunin mo ang mga pinuno ng Israel. Sabihin mo sa kanilang nagpakita ako sa iyo, akong si Yahweh, ang Diyos ng inyong mga ninunong sina Abraham, Isaac at Jacob. Sabihin mong ako'y bumabâ at nakita ko ang ginagawa sa kanila ng mga Egipcio.

17Dahil dito, ilalabas ko sila sa bansang iyon na nagpapahirap sa kanila. Dadalhin ko sila sa isang mayaman at masaganang lupain; ang lupain ng mga Cananeo, ng mga Heteo, ng mga Amoreo, ng mga Perezeo, ng mga Hivita at ng mga Jebuseo.

18“Papakinggan ka ng aking bayan. Pagkatapos, isama mo ang mga pinuno ng Israel at pumunta kayo sa Faraon. Sabihin mong si Yahweh, ang Diyos ng mga Hebreo, ay nagpakita sa iyo at kayo'y maglalakbay ng tatlong araw papunta sa ilang upang maghandog sa akin.

19Alam kong hindi siya papayag hangga't hindi siya ginagamitan ng kamay na bakal.

20Kaya't paparusahan ko ang buong Egipto sa pamamagitan ng mga kababalaghan. Pagkatapos, papayagan na niya kayong umalis.”

21Idinugtong pa ng Diyos, “Pagagaanin ko sa inyo ang loob ng mga Egipcio upang may madala kayo pag-alis.

22Ang inyong mga kababaihan ay manghihingi ng damit, alahas na ginto o pilak sa kanilang mga Egipciong kapitbahay at sa sinumang Egipciong babaing kasama nila sa bahay. Ipasusuot ninyo ang mga ito sa inyong mga anak. Sa ganitong paraan ay mapapasa-inyo ang ari-arian ng mga Egipcio.”

# Exodo 4

### Sinugo ng Diyos si Moises

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Itinanong ni Moises, “Anong gagawin ko kung hindi makinig sa akin ang mga Israelita at hindi maniwalang nagpakita kayo sa akin?”

2“Ano iyang hawak mo?” tanong sa kanya ni Yahweh. “Tungkod po,” sagot ni Moises.

3“Ihagis mo sa lupa!” utos ni Yahweh. Inihagis nga ito ni Moises sa lupa at ito'y naging ahas, kaya't siya'y tumakbong palayo.

4Sinabi sa kanya ni Yahweh, “Hawakan mo sa buntot ang ahas.” Hinawakan nga ni Moises at ito'y naging tungkod muli.

5“Ganyan ang gagawin mo para maniwala silang nagpakita ako sa iyo, ang Diyos ng inyong mga ninuno, ang Diyos nina Abraham, Isaac at Jacob,” sabi ni Yahweh.

6“Ipasok mo ang iyong kamay sa damit mo, sa tapat ng iyong dibdib,” utos ni Yahweh. Gayon nga ang ginawa ni Moises at nang ilabas niya, ito'y nagkaroon ng sakit sa balat na parang ketong na kasimputi ng niyebe.

7“Ipasok mo uli,” utos ni Yahweh at sumunod naman si Moises. Nang ilabas niyang muli ang kanyang kamay, nagbalik na ito sa dati.

8Sinabi ng Diyos, “Kung ayaw ka pa nilang paniwalaan sa unang kababalaghan, malamang na paniniwalaan ka na nila sa ikalawa.

9Kung ayaw pa rin nilang makinig sa iyo, kumuha ka ng tubig sa Ilog Nilo, ibuhos mo sa lupa at ang tubig na iyon ay magiging dugo.”

10Sinabi ni Moises kay Yahweh, “Panginoon, sa mula't mula pa'y hindi po ako mahusay magsalita. Bagama't nangusap ka na sa akin, hanggang ngayo'y pautal-utal pa rin ako kung magsalita.”

11Sinabi ni Yahweh, “Sino ba ang gumagawa sa bibig ng tao? Sino ang may kapangyarihan para maging bingi o pipi ang isang tao? At sino rin ba ang nagbibigay ng paningin at nag-aalis nito? Hindi ba't akong si Yahweh?

12Kaya nga, lumakad ka na at tutulungan kita sa pagsasalita at ituturo ko sa iyo ang iyong sasabihin.”

13“Yahweh, maaari po bang iba na lang ang inyong suguin?” sagot ni Moises.

14Dahil dito, nagalit si Yahweh kay Moises. Sinabi niya, “Hindi ba kapatid mo ang Levitang si Aaron? Alam kong mahusay siyang magsalita. Darating siya at makikipagkita sa iyo; matutuwa siya sa pagkikita ninyo.

15Kausapin mo siya at sabihin mo ang lahat ng dapat niyang sabihin. Tutulungan ko kayo sa pagsasalita at ituturo ko sa inyo ang inyong dapat gawin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Siya ang magiging tagapagsalita mo sa mga tao at ikaw ang magiging
tagapagsalita ng Diyos na magsasabi naman sa kanya kung ano ang
sasabihin niya.

17Dalhin mo ang iyong tungkod sapagkat iyan ang gagamitin mo sa paggawa
ng mga kababalaghan."

**Bumalik si Moises sa Egipto**

18Umuwi si Moises upang magpaalam sa biyenan niyang si Jetro. Sinabi niya,
"Babalik po ako sa Egipto. Dadalawin ko po ang aking mga kamag-anak doon
para malaman ko naman kung buháy pa sila." Pumayag naman si Jetro.

19Matapos magpaalam, sinabi ni Yahweh kay Moises, "Magbalik ka na sa
Egipto sapagkat patay nang lahat ang mga taong ibig pumatay sa iyo."

20Kaya, isinakay niya sa mga asno ang kanyang asawa't mga anak at
naglakbay sila patungong Egipto; dala niya ang kanyang tungkod.

21Sinabi sa kanya ni Yahweh, "Pagdating mo sa Egipto, gawin mo sa harapan
ng Faraon ang mga kababalaghang ipinagagawa ko sa iyo. Binigyan kita ng
kapangyarihang gawin ang mga ito. Ngunit patitigasin ko ang puso niya
upang hindi niya payagang umalis ang mga tao.

22Kung magkagayon, ganito ang sabihin mo sa kanya: 'Ipinapasabi ni
Yahweh, Ang Israel ay aking anak na panganay.

23Payagan mo siyang umalis para sumamba sa akin. Kapag hindi mo
pinayagan, papatayin ko ang iyong panganay.'"

24Isang gabi, samantalang namamahinga sina Moises sa kanilang
paglalakbay patungong Egipto, nilapitan siya ni Yahweh at pinagtangkaang
patayin.

25Kaya't kumuha si Zipora ng isang matalim na bato at tinuli ang kanyang
anak. Pagkatapos, ipinahid niya sa mga paa ni Moises ang pinagtulian, saka
sinabi, "Tunay ngang asawa na kita sa pamamagitan ng dugo ng pagtutuli."

26Dahil dito, hinayaan ni Yahweh na mabuhay pa si Moises. Kaya, sinabi ni
Zipora kay Moises, "Naging asawa kita sa pamamagitan ng dugo ng
pagtutuli."

27Samantala, sinabi ni Yahweh kay Aaron, "Salubungin mo sa ilang si
Moises." Sinalubong nga niya si Moises sa Bundok ng Diyos at hinagkan niya
nang sila'y magkita.

28Sinabi ni Moises kay Aaron ang lahat ng sinabi sa kanya ni Yahweh, pati
ang mga kababalaghang ipinagagawa sa kanya.

29At magkasama silang lumakad upang tipunin ang mga pinuno ng Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Lahat ng sinabi ni Yahweh kay Moises ay sinabi ni Aaron sa kanila. Pagkatapos, gumawa si Moises ng kababalaghan sa harapan nila

31at naniwala ang buong bayan. Nang marinig nilang sila'y dinalaw ni Yahweh at hindi lingid sa kanya ang pang-aaping ginagawa sa kanila ng mga Egipcio, yumuko sila at sumamba kay Yahweh.

## Exodo 5

### Sina Moises at Aaron sa Harapan ng Faraon

1Pagkatapos nito, nagpunta sa Faraon sina Moises at Aaron. Sinabi nila, "Ipinapasabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, na payagan ninyong pumunta sa ilang ang kanyang bayang Israel upang magpista bilang parangal sa kanya."

2"Sinong Yahweh? Sino siyang mag-uutos sa akin na payagan kong umalis ang mga Israelita? Wala akong kilalang Yahweh. Hindi! Hindi ko papayagang umalis ang mga Israelita," sagot ng Faraon.

3Sinabi nila, "Nagpakita po sa amin ang Diyos naming mga Hebreo kaya isinasamo naming payagan na ninyo kaming maglakbay nang tatlong araw papunta sa ilang upang maghandog kay Yahweh na aming Diyos. Kung hindi, lilipulin niya kami sa pamamagitan ng sakit o digmaan."

4Sinabi ng hari ng Egipto kina Moises at Aaron, "At bakit ninyo ilalayo ang mga tao sa kanilang trabaho? Bumalik kayo ngayon din sa inyong mga trabaho.

5Mas marami na nga ang mga Hebreo kaysa mga Egipcio, nais pa ninyong tumigil sa pagtatrabaho?" sabi sa kanila ng Faraon.

6Nang araw ding iyon, ipinatawag ng Faraon ang mga tagapangasiwang Egipcio at ang mga kapatas na Israelita. Sinabi niya,

7"Huwag na ninyo silang bibigyan ng dayaming ginagamit sa paggawa ng tisa. Hayaan ninyong sila ang manguha ng gagamitin nila.

8At ang dami ng gagawin nila ay tulad din ng dati; huwag babawasan kahit isa. Tinatamad lang ang mga iyan kaya nagpapaalam na maghandog sa kanilang Diyos.

9Lalo ninyong damihan ang kanilang gawain at lalo silang higpitan sa pagtatrabaho para hindi sila makapakinig ng kung anu-anong kasinungalingan."

10Pagkasabi nito ng Faraon, lumakad ang mga tagapangasiwang Egipcio at ang mga kapatas. Sinabi nila sa mga tao, "Ipinapasabi ng Faraon na hindi na kayo bibigyan ng dayami.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Kayo na ang bahalang manguha ng kailangan ninyo kung saan mayroon, at ang tisang gagawin ninyo araw-araw ay sindami rin ng dati."

12Ginalugad ng mga Israelita ang buong Egipto sa paghahanap ng dayami.

13Sila'y inaapura ng mga tagapangasiwa at pilit na pinagagawa ng tisang sindami rin noong sila'y binibigyan pa ng dayami.

14Kapag kulang ang kanilang nagawa, ang mga kapatas na Israelita ay binubugbog ng mga tagapangasiwa, at tinatanong: "Bakit kakaunti ang nagawa ninyo ngayon?"

15Dahil dito, pumunta sa Faraon ang mga kapatas at nagreklamo, "Bakit po naman ninyo kami ginaganito?

16Pinagagawa pa po kami ng tisa ngunit hindi na binibigyan ng dayami. At ngayon po'y binubugbog pa kami, gayong ang mga tauhan ninyo ang may pagkukulang!"

17Sinabi ng Faraon, "Mga batugan! Tinatamad lang kayo kaya ninyo hinihiling sa akin na payagan kayong maghandog kay Yahweh.

18Sige, magbalik na kayo sa inyong trabaho. Hindi kayo bibigyan ng dayami, at ang gagawin ninyong tisa ay sindami pa rin ng dati ninyong ginagawa."

19Nakita ng mga kapatas ang hirap ng kanilang katayuan nang sabihin sa kanilang sindami rin ng dati ang kanilang gagawin.

20Pag-uwi nila mula sa pakikipag-usap sa Faraon, nakita nila sa daan sina Moises at Aaron na naghihintay sa kanila.

21Sinabi nila sa dalawa, "Parusahan sana kayo ni Yahweh. Dahil sa ginawa ninyong ito, nagalit sa amin ang Faraon at ang mga tauhan niya. Binigyan pa ninyo sila ng dahilang patayin kami."

### Nanalangin si Moises

22Kaya, nanalangin si Moises, "Yahweh, bakit po ninyo pinahihirapan ng ganito ang inyong bayan? Bakit pa ninyo ako sinugo kung ganito rin lamang ang mangyayari?

23Mula nang makipag-usap ako sa Faraon ay lalo niyang pinahirapan ang inyong bayan, ngunit wala kayong ginagawa upang tulungan sila."

## Exodo 6

1Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Makikita mo ngayon kung ano ang gagawin ko sa Faraon. Hindi lamang siya mapipilitang pumayag na kayo'y umalis, ipagtatabuyan pa niya kayo."

### Muling Isinugo si Moises

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Sinabi ng Diyos kay Moises, “Ako si Yahweh.

3Nagpakita ako kina Abraham, Isaac at Jacob bilang Makapangyarihang Diyos ngunit hindi ako nagpakilala sa kanila sa pangalang Yahweh.

4Gumawa ako ng kasunduan sa kanila at nangako akong ibibigay sa kanila ang Canaan, ang lupaing tinirhan nila noon bilang mga dayuhan.

5Narinig ko ang daing ng bayang Israel na inaalipin ng mga Egipcio, at hindi ko nalilimutan ang ginawa kong kasunduan sa kanilang mga ninuno.

6Kaya ito ang sabihin mo sa mga Israelita: ‘Ako si Yahweh. Ililigtas ko kayo sa pagpapahirap ng mga Egipcio. Ipadarama ko sa kanila ang bigat ng aking kamay; paparusahan ko sila at kayo'y palalayain ko mula sa pagkaalipin.

7Ituturing ko kayong aking sariling bayan at ako ang magiging Diyos ninyo. At makikilala ninyong ako si Yahweh, ang inyong Diyos, ang nagligtas sa inyo sa pagpapahirap ng mga Egipcio.

8Dadalhin ko kayo sa lupaing ipinangako ko kina Abraham, Isaac at Jacob at iyon ay ibibigay ko sa inyo. Ako si Yahweh.’”

9Sinabi ito ni Moises sa mga Israelita, ngunit ayaw na nilang maniwala dahil sa panghihina ng loob at dahil sa matinding kahirapang kanilang dinaranas.

10Nang muli silang mag-usap, sinabi ni Yahweh kay Moises,

11“Pumunta ka sa Faraon, at sabihin mong payagan nang umalis ang mga Israelita.”

12“Kung ang mga Israelita ay ayaw makinig sa akin, ang Faraon pa kaya? Ako'y hindi mahusay magsalita.” sagot ni Moises.

13Ngunit sinabi ni Yahweh kina Moises at Aaron, “Sabihin ninyo sa mga Israelita at sa Faraon na inatasan ko kayo na ilabas sa Egipto ang mga Israelita.”

**Ang Pinagmulang Angkan nina Moises at Aaron**

14Ito ang mga puno ng pinagmulang angkan nina Moises at Aaron: ang kay Ruben na siyang panganay ni Israel ay sina Enoc, Fallu, Hezron at Carmi.

15Ang kay Simeon ay sina Jemuel, Jamin, Ohad, Jaquin, Zohar at Saul na anak ng isang Cananea.

16Kay Levi naman ay sina Gershon, Kohat at Merari. Si Levi ay nabuhay nang 137 taon.

17Ang naging anak naman ni Gershon ay sina Libni at Seimei.

18Ang kay Kohat naman ay sina Amram, Izar, Hebron at Uziel. Nabuhay si Kohat nang 133 taon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Naging anak ni Merari sina Mahali at Musi. Ito ang mga angkan sa lipi ni Levi.

20Napangasawa ni Amram si Jocebed na kapatid ng kanyang ama at naging anak nila sina Aaron at Moises. Si Amram ay nabuhay nang 137 taon.

21Naging anak ni Izar sina Korah, Nefeg at Zicri.

22Ang mga anak naman ni Uziel ay sina Misael, Elzafan at Sitri.

23Napangasawa ni Aaron si Elisabet na kapatid ni Naason at anak ni Aminadab. Naging anak nila sina Nadab, Abihu, Eleazar at Itamar.

24Ang mga anak ni Korah ay sina Asir, Elcana at Abiasaf. Ito ang mga angkan sa lipi ni Korah.

25Napangasawa ni Eleazar na anak ni Aaron ang isang anak ni Futiel at naging anak nila si Finehas. Ito ang mga puno ng angkan ng mga Levita ayon sa kani-kanilang lipi.

26Sina Aaron at Moises ang inutusan ni Yahweh na manguna sa Israel upang mailabas sila sa Egipto ayon sa kani-kanilang lipi.

27Kaya't sinabi nila sa Faraon na palayain ang mga Israelita.

### Inutusan sina Moises at Aaron

28Nang si Moises ay kausapin ni Yahweh sa Egipto,

29ganito ang sinabi sa kanya: “Ako si Yahweh. Sabihin mo sa Faraon, sa hari ng Egipto, ang lahat ng sinabi ko sa iyo.”

30Ngunit sumagot si Moises, “Paano ako papakinggan ng Faraon gayong hindi ako mahusay magsalita?”

## Exodo 7

1Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Gagawin kitang parang Diyos sa harapan ng Faraon, at ang kapatid mong si Aaron ang magiging tagapagsalita mo.

2Lahat ng sabihin ko sa iyo ay sasabihin mo kay Aaron; siya naman ang magsasabi sa Faraon na payagan na kayong umalis ng Egipto.

3Ngunit patitigasin ko ang puso ng Faraon, at gumawa man ako ng maraming kababalaghan sa Egipto

4ay hindi siya makikinig sa iyo. Kung magkagayon ipadarama ko sa kanila ang bigat ng aking kamay. Paparusahan ko ang buong Egipto at ilalabas ko mula roon ang aking mga hukbo, ang aking bayan, ang mga Israelita.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Makikilala ng mga Egipcio na ako si Yahweh kapag natikman nila ang bigat ng aking kamay at inilabas ko na sa Egipto ang mga Israelita."

6At ginawa nina Moises at Aaron ang lahat ng iniutos ni Yahweh.

7Walumpung taon si Moises at walumpu't tatlo naman si Aaron nang makipag-usap sila sa Faraon.

**Ang Tungkod ni Aaron**

8Sinabi pa ni Yahweh kina Moises at Aaron,

9"Kapag sinabi sa inyo ng Faraon na magpakita kayo ng kababalaghan bilang katunayan ng pagkasugo ko sa inyo, sabihin mo kay Aaron na ihagis ang kanyang tungkod sa harapan ng Faraon at magiging ahas iyon."

10Nagpunta nga sila sa Faraon tulad ng sinabi ni Yahweh. Pagdating doon, inihagis ni Aaron ang kanyang tungkod sa harapan ng Faraon at ng mga tauhan nito. At naging ahas nga ang tungkod.

11Kaya ipinatawag ng Faraon ang mga matatalinong tao at mga salamangkero at sa pamamagitan ng kanilang lihim na karunungan ay ipinagaya ang ginawa ni Aaron.

12Inihagis nila sa lupa ang kanilang mga tungkod at naging ahas din, ngunit ang mga ito'y nilulon ng tungkod ni Aaron.

13Gayunma'y nagmatigas pa rin ang Faraon at hindi nakinig kina Moises at Aaron, gaya ng sinabi ni Yahweh.

**Ang Unang Salot: Naging Dugo ang Tubig**

14Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Nagmamatigas ang Faraon. Ayaw pa ring paalisin ang mga Israelita.

15Kaya, bukas ng umaga, dalhin mo ang tungkod na naging ahas, at hintayin mo ang Faraon pagpunta niya sa tabing ilog.

16Sabihin mo sa kanya ang ganito, 'Pinapunta ako rito ni Yahweh, ang Diyos ng mga Hebreo upang sabihin sa iyo na payagan mong umalis ang kanyang bayang Israel at sumamba sa kanya sa ilang. Hanggang ngayon ay ayaw mo pa ring sumunod.

17Ngunit tiyak na kikilalanin mo si Yahweh sa pamamagitan nitong gagawin niya. Tingnan mo, ihahampas ko sa Ilog Nilo ang tungkod na ito at magiging dugo ang tubig

18at mamamatay ang mga isda. Dahil dito, babaho ang ilog at hindi mainom ng mga Egipcio ang tubig nito.'"

19Idinugtong pa ni Yahweh, "Pagkatapos, sabihin mo kay Aaron na itaas ang kanyang tungkod at sumpain ang lahat ng tubig sa Egipto. Ang lahat ng tubig

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

sa mga ilog, kanal at lawa ay magiging dugo, pati ang nasa mga batya at tapayan."

20Ginawa nina Moises at Aaron ang iniutos sa kanila ni Yahweh. Sa harapan ng Faraon at ng mga tauhan nito ay inihampas ni Aaron sa tubig ang kanyang tungkod at naging dugo nga ang tubig.

21Namatay ang mga isda at bumaho ang ilog, kaya't hindi mainom ng mga Egipcio ang tubig nito. Naging dugo rin ang lahat ng tubig sa buong Egipto.

22Ngunit nagaya rin ito ng mga salamangkerong Egipcio sa pamamagitan ng kanilang lihim na karunungan kaya't lalong nagmatigas ang Faraon. Ayaw pa rin niyang pakinggan sina Moises at Aaron, tulad ng sinabi ni Yahweh.

23Ang ginawa nila'y hindi pinansin ng Faraon, umuwi na lang ito sa palasyo.

24Samantala, ang mga Egipcio ay humukay sa tabing ilog upang kumuha ng inumin sapagkat hindi nila mainom ang tubig sa ilog.

25At lumipas ang pitong araw mula nang hampasin ni Yahweh ang tubig.

## Exodo 8

### Ang Ikalawang Salot: Ang Napakaraming Palaka

1Pagkaraan noon, sinabi ni Yahweh kay Moises, "Pumunta ka sa Faraon. Sabihin mong ito ang ipinapasabi ko: Payagan mo nang umalis ang mga Israelita upang sumamba sa akin.

2-3Kapag hindi ka pumayag, patuloy kong pahihirapan ang buong Egipto. Pupunuin ko ng palaka ang Ilog Nilo. Papasukin ng mga ito ang palasyo at aakyatin pati higaan mo. Papasukin din ng mga ito ang bahay ng mga tauhan mo at ng lahat ng Egipcio, ganoon din ang inyong mga lutuan at lalagyan ng pagkain.

4Ikaw, ang iyong mga tauhan, at ang buong bayan ay pahihirapan nito."

5Sinabi pa ni Yahweh, "Sabihin mo naman kay Aaron na itapat niya sa ilog ang kanyang tungkod, gayon din sa mga kanal at mga lawa upang mapunô ng palaka ang buong Egipto."

6Ganoon nga ang ginawa ni Aaron. Umahon sa ilog ang mga palakang di mabilang sa dami at kumalat sa buong Egipto.

7Ngunit nagaya rin ito ng mga salamangkero sa pamamagitan ng kanilang lihim na karunungan.

8Ipinatawag ng Faraon sina Moises at Aaron. Sinabi niya, "Hilingin ninyo kay Yahweh na alisin ang mga palakang ito at papayagan ko na kayong maghandog sa kanya."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

9Sinabi ni Moises, "Karangalan kong malaman kung kailan ninyo nais na idalangin ko kayo kay Yahweh, pati ang inyong mga tauhan at nasasakupan. At mawawala na ang mga palaka, maliban ang mga nasa ilog."

10"Bukas kung ganoon," sabi ng Faraon. "Matutupad po ayon sa inyong sinabi para malaman ninyo na walang kapantay ang Diyos naming si Yahweh.

11Mawawala ang mga palaka at ang matitira lamang ay ang nasa ilog."

12Lumakad na sina Moises at Aaron. At tulad ng pangako nila, idinalangin ni Moises na alisin ang mga palakang nagpapahirap sa Faraon.

13Tinugon naman siya ni Yahweh; namatay lahat ang mga palaka sa mga bahay at mga bukid.

14Ibinunton ng mga Egipcio ang mga patay na palaka at umaalingasaw ang baho nito sa buong Egipto.

15Ngunit nagmatigas muli ang Faraon nang ito'y makahinga na naman nang maluwag. At tulad ng sinabi ni Yahweh, hindi pa rin siya nakinig kina Moises at Aaron.

**Ang Ikatlong Salot: Ang mga Niknik**

16Inutusan ni Yahweh si Moises na sabihin kay Aaron na ihampas sa lupa ang tungkod upang maging niknik ang lahat ng alikabok sa buong Egipto.

17Inihampas nga ni Aaron ang tungkod at ang lahat ng alikabok sa buong Egipto ay naging niknik na labis na nagpahirap sa mga tao't mga hayop.

18Pinilit ng mga salamangkero na magpalitaw rin ng niknik sa pamamagitan ng lihim nilang karunungan ngunit hindi nila ito nagawa. At ang mga tao't hayop ay patuloy na pinahirapan ng mga niknik.

19Dahil dito'y sinabi ng mga salamangkero sa Faraon, "Diyos na ang may gawa nito." Ngunit hindi rin natinag ang kalooban ng Faraon; hindi rin siya nakinig kina Moises at Aaron, tulad ng sinabi ni Yahweh.

**Ang Ikaapat na Salot: Ang mga Langaw**

20Dahil dito, sinabi ni Yahweh kay Moises, "Bukas ng umaga, hintayin mo ang Faraon pagpunta niya sa ilog at sabihin mong payagan na niyang umalis ang mga Israelita upang sumamba sa akin.

21Kapag hindi niya pinayagan, padadagsaan ko siya ng makapal na langaw, pati ang kanyang mga tauhan at mga kababayan. Mapupuno ng langaw ang mga bahay ng mga Egipcio, pati ang lupang kanilang lalakaran.

22Ngunit ililigtas ko ang lupain ng Goshen, ang tirahan ng mga Israelita. Hindi ko sila padadalhan ni isa mang langaw para malaman niyang akong si Yahweh ang siyang makapangyarihan sa lupaing ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Sa pamamagitan ng kababalaghang gagawin ko bukas, ipapakita ko na iba ang pagtingin ko sa aking bayan at sa kanyang bayan.”

24Kinabukasan, ginawa nga ito ni Yahweh. Dumagsa sa Egipto ang makapal na langaw hanggang sa mapuno ang palasyo ng Faraon, ang bahay ng mga tauhan niya at ang buong Egipto. Dahil dito'y nasalanta ang buong bansa.

25Kaya, ipinatawag ng Faraon sina Moises at Aaron at sinabi, “Sige, maghandog na kayo sa inyong Diyos, huwag lamang kayong lalabas ng Egipto.”

26Sumagot si Moises, “Hindi po maaaring dito sa Egipto. Magagalit po sa amin ang mga Egipcio kapag nakita nila kaming naghahandog kay Yahweh sa paraang kasuklam-suklam sa kanila. Tiyak na babatuhin nila kami hanggang mamatay.

27Ang kailangan po'y maglakbay kami ng tatlong araw at sa ilang kami maghahandog kay Yahweh tulad ng utos niya sa amin.”

28Sinabi ng Faraon, “Papayagan ko kayong umalis, ngunit huwag kayong masyadong lalayo. At ipanalangin din ninyo ako.”

29Sumagot si Moises, “Pag-alis ko po rito'y ipapanalangin ko kay Yahweh na alisin sa inyo ang mga langaw, gayon din sa inyong mga tauhan at nasasakupan. Ngunit huwag na ninyo kaming dadayain; huwag ninyo kaming hahadlangan sa paghahandog namin kay Yahweh.”

30Umalis si Moises at nanalangin.

31Tinugon naman siya ni Yahweh, at umalis nga ang mga langaw; walang natira ni isa man.

32Ngunit nagmatigas pa rin ang Faraon; hindi niya pinayagang umalis ang mga Israelita.

## Exodo 9

### Ang Ikalimang Salot: Ang Pagkamatay ng mga Hayop

1Dahil dito, sinabi ni Yahweh kay Moises, “Pumunta ka sa Faraon at sabihin mong ipinapasabi ni Yahweh, ng Diyos ng mga Hebreo, na payagan na niyang umalis ang mga Israelita upang sumamba sa akin.

2Kapag pinigil pa niya kayo,

3paparusahan ko ng kakila-kilabot na salot ang kanyang mga hayop: ang mga kabayo, asno, kamelyo, baka, tupa at kambing.

4Mamamatay ang lahat ng mga hayop ng mga Egipcio, ngunit isa mang hayop ng mga Israelita ay walang mamamatay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Naitakda ko na ang oras, bukas ito mangyayari."

6Kinabukasan, ginawa nga ni Yahweh ang kanyang sinabi at namatay ang lahat ng hayop ng mga Egipcio, ngunit kahit isa'y walang namatay sa hayop ng mga Israelita.

7At nang patingnan ng Faraon, wala ngang namatay sa mga hayop ng mga Israelita. Ngunit nagmatigas pa rin ito at ayaw pa ring payagan ang mga Israelita.

**Ang Ikaanim na Salot: Ang mga Pigsa**

8Sinabi ni Yahweh kina Moises at Aaron, "Dumakot kayo ng abo sa pugon at ito'y pataas na ihahagis ni Moises na nakikita ng Faraon.

9Mapupuno ng pinong alikabok ang buong Egipto at ang lahat ng tao at hayop sa lupain ay matatadtad ng mga pigsang nagnanaknak."

10Kumuha nga sila ng abo sa pugon at pumunta sa Faraon. Pagdating doon, pataas na inihagis ni Moises ang abo at natadtad nga ng mga pigsang nagnanaknak ang mga tao't mga hayop sa buong Egipto.

11Ang mga salamangkero'y hindi na nakaharap kay Moises sapagkat sila ma'y tadtad rin ng mga pigsang nagnanaknak.

12Samantala, ang Faraon ay pinagmatigas pa rin ni Yahweh. Hindi nito pinansin ang mga Israelita, tulad ng sinabi ni Yahweh kay Moises.

**Ang Ikapitong Salot: Ang Malakas na Ulan ng Yelo**

13Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Bukas ng umagang-umaga, pumunta ka sa Faraon. Sabihin mong iniuutos ko na payagan na niyang sumamba sa akin ang mga Israelita.

14Kapag hindi pa siya pumayag, magpapadala ako ng matinding salot sa kanya, sa kanyang mga tauhan at nasasakupan, upang malaman nilang ako'y walang katulad sa buong daigdig.

15Kung siya at ang buong bayan ay pinadalhan ko agad ng salot na sakit, sana'y patay na silang lahat.

16Ngunit hindi ko ginawa iyon upang ipakita sa kanya ang aking kapangyarihan at sa gayo'y maipahayag ang aking pangalan sa buong daigdig.

17Ngunit hanggang ngayo'y hinahadlangan pa niya ang aking bayan, at ayaw pa rin niyang payagang umalis.

18Kaya, bukas sa ganitong oras, pauulanan ko sila ng malalaking tipak ng yelo na walang kasinlakas sa buong kasaysayan ng Egipto.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[19]Pasilungin mo ang lahat ng tao at isilong ang lahat ng hayop, sapagkat lahat ng bagsakan nito ay mamamatay."

[20]Ang ibang tauhan ng Faraon ay natakot sa ipinasabi ni Yahweh kaya pinasilong nila ang kanilang mga alipin at mga hayop

[21]ngunit ipinagwalang-bahala ito ng iba at hinayaan nila sa labas ang kanilang mga alipin at mga hayop.

[22]Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Iunat mong pataas ang iyong kamay at uulan ng malalaking tipak ng yelo sa buong Egipto, at babagsak ito sa mga tao't mga hayop na nasa labas, pati sa mga halaman."

[23]Itinaas nga ni Moises ang kanyang tungkod. Gumuhit ang kidlat, dumagundong ang kulog at umulan ng malalaking tipak ng yelo sa buong Egipto.

[24]Malakas na malakas ang pag-ulan ng malalaking tipak ng yelo at sunud-sunod ang pagkidlat. Ito ang pinakamalakas na pag-ulan ng yelo sa kasaysayan ng Egipto.

[25]Bumagsak ito sa buong Egipto at namatay ang lahat ng hindi nakasilong, maging tao man o hayop. Nasalanta ang lahat ng mabagsakan, pati mga halaman at mga punongkahoy.

[26]Ngunit ang Goshen na tinitirhan ng mga Israelita ay hindi naulanan ng yelong ito.

[27]Kaya, ipinatawag ng Faraon sina Moises at Aaron. Sinabi niya, "Tinatanggap ko ngayon na nagkasala ako kay Yahweh. Siya ang matuwid at kami ng aking mga kababayan ang mali.

[28]Ipanalangin ninyo kami sa kanya sapagkat hirap na hirap na kami sa pag-ulan ng malalaking tipak ng yelo at sa malalakas na kulog. Ipinapangako kong kayo'y papayagan ko nang umalis sa lalong madaling panahon."

[29]Sinabi ni Moises, "Pagkalabas ko ng lunsod, mananalangin ako kay Yahweh. Mawawala ang mga kulog at titigil ang pag-ulan ng malalaking tipak ng yelo. Sa gayo'y malalaman ninyo na si Yahweh ang siyang may-ari ng daigdig,

[30]kahit alam kong kayo at ang inyong mga tauhan ay hindi pa natatakot sa PANGINOONG Yahweh."

[31]Ang mga tanim na lino at ang mga sebada ay sirang-sira sapagkat may uhay na ang sebada at namumulaklak na ang lino.

[32]Ngunit hindi napinsala ang trigo at ang espelta sapagkat huling tumubo ang mga ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

33Umalis si Moises at lumabas ng lunsod. Nanalangin siya kay Yahweh at tumigil ang kulog, ang ulan at ang pagbagsak ng malalaking tipak ng yelo.

34Nang makita ng Faraon na tumigil na ang ulan at wala nang kulog, nagmatigas na naman siya. Dahil dito, muli siyang nagkasala pati ang kanyang mga tauhan.

35Lalo siyang nagmatigas sa pagpigil sa mga Israelita, tulad ng sinabi ni Yahweh kay Moises.

## Exodo 10

### Ang Ikawalong Salot: Ang mga Balang

1Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Pumunta ka sa Faraon. Pinagmatigas ko ang kanyang kalooban at ng kanyang mga tauhan para maipakita ko sa kanila ang aking kapangyarihan.

2Ginagawa ko ang mga kababalaghang ito upang masabi ninyo sa inyong mga anak at apo kung paano ko ipinakita sa mga Egipcio ang aking kapangyarihan at sa gayo'y kikilalanin ninyong lahat na ako si Yahweh."

3Pumunta sa Faraon sina Moises at Aaron at sinabi, "Ito ang ipinapasabi ni Yahweh: 'Hanggang kailan ka ba magmamatigas? Payagan mo nang umalis ang mga Israelita upang sumamba sa akin.

4Kapag hindi mo pa sila pinayagan, bukas na bukas din ay magpapadala ako ng makapal na balang sa iyong bansa.

5Mapupuno nito ang buong Egipto, kaya't wala kang makikita kundi balang. Uubusin nito ang lahat ng hindi nasira sa pag-ulan ng malalaking tipak ng yelo, pati ang mga punongkahoy.

6Papasukin ng mga ito ang iyong palasyo at ang bahay ng iyong mga tauhan at mga nasasakupan. Ang salot na ito ay higit na matindi kaysa alinmang salot ng balang na naranasan ng inyong mga ninuno.'" Pagkasabi nito'y umalis si Moises.

7Sinabi sa Faraon ng kanyang mga tauhan, "Hanggang kailan pa kaya tayo guguluhin ng taong ito? Payagan na ninyo silang umalis upang sumamba sa Diyos nilang si Yahweh. Hindi ba ninyo nakikitang nawawasak na ang buong Egipto?"

8Kaya't ipinasundo ng Faraon sina Moises at Aaron. Sinabi niya, "Kung papayagan ko kayong umalis upang sumamba kay Yahweh, sinu-sino ang inyong isasama?"

9Sumagot si Moises, "Lahat po kami, mula sa pinakabata hanggang sa pinakamatanda. Dadalhin din naming lahat ang aming mga tupa, kambing at

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

mga baka. Kailangan pong kasamang lahat sapagkat ipagpipista namin si Yahweh."

10 Sinabi ng Faraon, "Tawagin na ninyo si Yahweh, hindi ko papayagang isama ninyo ang inyong mga asawa't mga anak. Maliwanag na may binabalak kayong masama.

11 Hindi ako papayag na isama ninyo ang lahat, kayo na lang mga lalaki ang umalis upang sumamba sa inyong Yahweh kung iyan ang gusto ninyo." Pagkasabi nito'y ipinagtabuyan sila ng Faraon.

12 Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Iunat mong pataas ang iyong kamay at dadagsa sa buong Egipto ang makapal na balang. Uubusin ng mga ito ang mga halamang hindi nasira sa pag-ulan ng malalaking tipak ng yelo."

13 Itinaas nga ni Moises ang kanyang tungkod. Maghapo't magdamag na pinaihip ni Yahweh sa buong Egipto ang hangin mula sa silangan. Kinaumagahan, tangay na ng hangin ang makapal na balang

14 at ito'y dumagsa sa buong Egipto. Kailanma'y hindi nagkaroon ng ganoon karaming balang sa lupaing ito at hindi na magkakaroon pang muli.

15 Nangitim ang lupa sa dami ng balang; inubos ng mga ito ang lahat ng halaman, pati mga bunga ng kahoy na hindi nasira sa pag-ulan ng malalaking tipak ng yelo. Walang halaman o punongkahoy na naiwang may dahon sa buong lupain.

16 Dali-daling ipinatawag ng Faraon sina Moises at Aaron. Sinabi niya, "Nagkasala ako kay Yahweh na inyong Diyos, gayundin sa inyo.

17 Patawarin ninyo ako at ipinapakiusap kong ipanalangin ninyo kay Yahweh na alisin na sa akin ang nakamamatay na parusang ito."

18 Iniwan ni Moises ang Faraon at siya'y nanalangin.

19 Binago naman ni Yahweh ang takbo ng hangin. Pinaihip niya ang malakas na hangin mula sa kanluran at tinangay nito ang lahat ng balang papunta sa Dagat na Pula; isa ma'y walang natira sa Egipto.

20 Ngunit pinagmatigas ni Yahweh ang Faraon; hindi nito pinayagang umalis ang mga Israelita.

### Ang Ikasiyam na Salot: Ang Kadiliman sa Egipto

21 Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Iunat mong pataas ang iyong kamay, at mababalot ng dilim ang buong Egipto."

22 Ganoon nga ang ginawa ni Moises at nagdilim sa buong lupain sa loob ng tatlong araw.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Hindi magkakitaan ang mga tao sa buong Egipto, kaya't walang taong umalis sa kanyang kinaroroonan sa loob ng tatlong araw. Madilim na madilim sa buong Egipto maliban sa tirahan ng mga Israelita.

24Tinawag ng Faraon si Moises. Sinabi niya, “Makakaalis na kayo upang sumamba kay Yahweh. Maaari ninyong isama ang inyong mga pamilya, ngunit iiwan ninyo ang lahat ng tupa, kambing at baka.”

25Sumagot si Moises, “Hindi po maaari. Kailangang bigyan ninyo kami ng mga hayop na ihahandog namin kay Yahweh na aming Diyos.

26Kaya kailangang dalhin din namin ang lahat naming hayop at wala ni isa mang maiiwan sapagkat pipiliin pa namin sa mga ito ang ihahandog namin kay Yahweh. At hindi namin malalaman kung alin ang ihahandog namin sa kanya hanggang hindi kami dumarating sa lugar na pagdarausan namin ng pagsamba.”

27Pinagmatigas pa rin ni Yahweh ang Faraon; ayaw na naman niyang paalisin ang mga Israelita.

28Sinabi niya kay Moises, “Lumayas ka na at huwag ka nang magpapakita sa akin. Ipapapatay na kita kapag nakita ko pa ang pagmumukha mo.”

29“Masusunod ang gusto ninyo,” sagot ni Moises. “Hindi mo na ako muling makikita.”

## Exodo 11

### Ipinahayag ni Moises ang Pagkamatay ng mga Panganay

1Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Isa na lamang salot ang ipadadala ko sa Faraon at sa buong Egipto at papayagan na niya kayong umalis. Hindi lamang niya kayo papayagang umalis; ipagtatabuyan pa niya kayo.

2Sabihin mo sa mga Israelita, babae man o lalaki, na humingi sila ng mga alahas na pilak o ginto sa kanilang mga kapitbahay.”

3Niloob ni Yahweh na igalang ng mga Egipcio ang mga Israelita. Sa katunayan, si Moises ay dinakila sa buong Egipto, maging ng mga tauhan ng Faraon at ng buong bayan.

4Sinabi ni Moises sa Faraon, “Ito ang ipinapasabi ni Yahweh: ‘Pagdating ng hatinggabi, maglalakad ako sa buong Egipto,

5at mamamatay ang lahat ng panganay na lalaki, mula sa anak na magmamana ng trono ng Faraon, hanggang sa panganay na anak ng hamak na aliping babae na tagagiling ng trigo; pati panganay ng mga hayop ay mamamatay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Walang maririnig sa buong Egipto kundi ang malakas na panaghoy na hindi pa naririnig at hindi na maririnig kailanman.

7Ngunit ang mga Israelita, maging ang kanilang mga hayop, ay hindi man lamang tatahulan ng aso upang kilalanin mo na may pagkakaiba ang pagtingin ni Yahweh sa mga Israelita at sa mga Egipcio.'

8Lahat ng tauhan mo'y luluhod sa akin at magsasabi: 'Lumayas na kayo ng mga kababayan mo.' Pagkatapos nito'y aalis ako." Pagkasabi nito'y galit na galit na iniwan ni Moises ang Faraon.

9Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Hindi ka papakinggan ng Faraon kaya't gagawa pa ako ng mga kababalaghan sa Egipto."

10Ginawa nina Moises at Aaron ang lahat ng kababalaghang ito, ngunit hindi rin pumayag ang Faraon na umalis ang mga Israelita sa lupain ng Egipto.

## Exodo 12

### Ang Pista ng Paskwa

1Sinabi ni Yahweh kina Moises at Aaron sa Egipto,

2"Mula ngayon, ang buwang ito ang siyang magiging unang buwan ng taon para sa inyo.

3At sabihin ninyo sa buong sambayanan ng Israel na sa ikasampung araw ng buwang ito, bawat pamilya ay pipili ng isang tupa o batang kambing para sa kanila.

4Kung maliit ang pamilya at hindi makakaubos ng isang buong tupa, magsasalo sila ng malapit na kapitbahay, na hindi rin makakaubos ng isang buo. Ang dami ng magsasalu-salo sa isang tupa ay ibabatay sa dami ng makakain ng bawat isa.

5Kailangang lalaki ang tupa o ang kambing, isang taóng gulang, walang kapintasan.

6Aalagaan ito hanggang sa ikalabing apat ng buwan at sa kinagabihan, sabay-sabay na papatayin ng buong bayan ang kani-kanilang inalagaang hayop.

7Kukuha sila ng dugo nito at ipapahid sa magkabilang poste at itaas ng pintuan ng bahay na kakainan ng kinatay na hayop.

8Sa gabi ring iyon, lilitsunin ito at kakaining kasama ng tinapay na walang pampaalsa at ng mapapait na gulay.

9Huwag ninyong kakainin nang hilaw o nilaga ang hayop; kundi lilitsunin ninyo ito nang buo, kasama ang ulo, ang mga pata at ang laman-loob.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10 Huwag kayong magtitira para sa kinabukasan. Kung may matira, kailangang sunugin kinaumagahan.

11 Kapag kakainin na ninyo ito, dapat nakabihis na kayo, nakasandalyas at may hawak na tungkod. Magmadali kayo sa pagkain nito. Ito ang Paskwa ni Yahweh.

12 "Sa gabing iyon, lilibutin ko ang buong Egipto at papatayin ang lahat ng panganay na lalaki, maging tao man o hayop. At paparusahan ko ang lahat ng diyus-diyosan sa Egipto. Ako si Yahweh.

13 Dugo ang magsisilbing palatandaan ng mga bahay na inyong tinitirhan. Lahat ng bahay na makita kong may pahid ng dugo ay lalampasan ko, at walang pinsalang mangyayari sa inyo habang pinaparusahan ko ang buong Egipto.

14 Ang araw na ito'y ipagdiriwang ninyo sa lahat ng inyong salinlahi bilang pista ni Yahweh. Sa pamamagitan nito'y maaalala ninyo ang aking ginawa.

### Ang Pista ng Tinapay na Walang Pampaalsa

15 "Pitong araw kayong kakain ng tinapay na walang pampaalsa. Sa unang araw pa lamang, aalisin ninyo sa inyong tahanan ang lahat ng pampaalsa, sapagkat ititiwalag ang sinumang kumain ng tinapay na may pampaalsa sa loob ng pitong araw na iyon.

16 Sa una at ikapitong araw ay magtitipun-tipon kayo upang sumamba. Sa loob ng dalawang araw na ito ay walang gagawa ng anuman liban sa paghahanda ng pagkain.

17 Ang pagdiriwang ng Pista ng Tinapay na Walang Pampaalsa ay gaganapin ninyo taun-taon sapagkat sa araw na ito, inilabas ko sa Egipto ang inyong mga lipi. Ito'y gagawin ninyo sa habang panahon ng inyong mga salinlahi.

18 Tinapay na walang pampaalsa ang inyong kakainin simula sa gabi ng ikalabing apat na araw hanggang sa gabi ng ikadalawampu't isa ng unang buwan ng taon.

19 Sa loob ng pitong araw, hindi dapat magkaroon ng pampaalsa sa inyong mga bahay. Ititiwalag sa sambayanan ng Israel ang sinumang kumain ng tinapay na may pampaalsa, maging siya'y dayuhan o purong Israelita.

20 Saanman kayo naroroon, huwag kayong kakain ng tinapay na may pampaalsa tuwing ganitong panahon. Ang kakainin ninyo'y tinapay na walang pampaalsa."

### Ang Unang Paskwa

21 Tinawag nga ni Moises ang mga pinuno ng Israel at sinabi sa kanila, "Pumili kayo ng isang tupa para sa inyong sari-sariling pamilya at katayin ninyo ito para sa Paskwa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Kumuha kayo ng sanga ng halamang hisopo, basain ito ng dugo ng tupa at ipahid sa magkabilang poste at itaas ng inyong pintuan. At isa man sa inyo ay huwag lalabas ng bahay hanggang kinabukasan.

23Sa gabing iyon, lilibutin ni Yahweh ang buong Egipto at papatayin ang mga Egipcio. Lahat ng bahay na makita niyang may pahid na dugo sa magkabilang poste at itaas ng pintuan ay hindi niya hahayaang pasukin ng Anghel ng Kamatayan.

24Sundin ninyo ang mga tuntuning ito at palagiang ganapin, pati ng inyong mga anak.

25Patuloy ninyong ganapin ito maging sa lupaing ipinangako sa inyo ni Yahweh.

26Kapag itinanong ng inyong mga anak kung bakit ninyo ginagawa ito,

27sabihin ninyong ito'y pag-aalaala sa Paskwa ni Yahweh nang lampasan niya ang bahay ng mga Israelita at patayin niya ang mga Egipcio." Nang masabi ito ni Moises, yumuko ang buong bayan at sumamba sa Diyos.

28Pagkatapos, umuwi na sila at isinagawa ang iniutos ni Yahweh sa pamamagitan nina Moises at Aaron.

**Ang Huling Salot: Namatay ang Lahat ng Panganay**

29Nang hating-gabing iyon, pinatay ni Yahweh ang lahat ng panganay na lalaki sa buong Egipto, mula sa panganay ng Faraon at tagapagmana ng trono, hanggang sa anak ng bilanggong nasa piitan; namatay din ang panganay ng mga hayop.

30Nang gabing iyon, nagising ang Faraon, ang kanyang mga tauhan at lahat ng Egipcio, at nagkaroon ng napakalakas na iyakan sa buong Egipto, sapagkat lahat ng bahay ay namatayan ng panganay na lalaki.

31Nang gabi ring iyo'y ipinatawag ng Faraon sina Moises at Aaron at kanyang sinabi, "Sige, umalis na kayo sa Egipto! Lumakad na kayo at sumamba kay Yahweh tulad ng hinihiling ninyo.

32Dalhin na ninyo pati inyong mga tupa, kambing at baka. Umalis na kayo at ipanalangin din ninyo ako."

33Inapura sila ng mga Egipcio at sinabi sa kanila, "Mamamatay kaming lahat kapag hindi pa kayo umalis dito."

34Kaya, binalot nila ng damit ang minamasang harina na di na nalagyan ng pampaalsa, ni alisin sa sisidlan; pinasan nila iyon at umalis.

35Noo'y nahingi na nila sa mga Egipcio ang mga alahas na pilak at ginto at mga damit, tulad ng iniutos sa kanila ni Moises.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

36Ibinigay ng mga Egipcio ang anumang hingin ng mga Israelita sapagkat niloob na ni Yahweh na sila'y igalang ng mga ito. Sa ganitong paraan, nasamsam nila ang kayamanan ng mga Egipcio.

### Ang Pag-alis ng mga Israelita sa Egipto

37Mula sa Rameses, naglakbay ang mga Israelita patungong Sucot; humigit-kumulang sa animnaraang libo ang mga lalaki bukod pa sa mga babae at mga bata.

38Maraming hindi Israelita ang sumama sa kanila; marami rin silang dalang tupa, kambing at baka.

39At niluto nila ang dala nilang gagawing tinapay na wala pang pampaalsa. Hindi nila ito nakuhang lagyan pa ng pampaalsa sapagkat apurahan ang kanilang pag-alis sa Egipto; wala na silang panahong magluto ng pagkain.

40Nanirahan ang mga Israelita sa Egipto nang 430 taon.

41Huling araw ng ika-430 taon nang umalis sa Egipto ang lahat ng lipi ng bayan ni Yahweh.

42Nang gabing iyon sila iniligtas ni Yahweh at inilabas sa Egipto, kaya ang gabing iyon ay itinalaga nila sa pag-aalaala sa pagliligtas sa kanila ni Yahweh. Ang pag-aalaalang iyon ay patuloy nilang gagawin habang panahon.

### Ang mga Tuntunin tungkol sa Paskwa

43Sinabi ni Yahweh kina Moises at Aaron, “Ito ang mga tuntunin tungkol sa Paskwa: Bawal kumain nito ang mga dayuhan;

44ngunit ang alilang binili ninyo ay maaaring pakainin nito kung siya ay tuli na.

45Hindi rin maaaring kumain nito ang mga dayuhang nakikipanuluyan lamang sa inyo, o kaya'y ang mga upahang manggagawa.

46Ang korderong pampaskwa ay dapat kainin sa loob ng bahay na pinaglutuan nito. Huwag ilalabas kahit kapiraso nito at huwag ding babaliin kahit isang buto.

47Ang Pista ng Paskwa ay ipagdiriwang ng buong Israel.

48Lahat ng dayuhang nakikipamayan sa inyo na gustong makipagdiwang sa Paskwa ay kailangang tuliin muna pati ang kanyang mga anak na lalaki bago pasalihin sa pagdiriwang. Sa gayo'y ituturing silang katutubong Israelita. Huwag hahayaang kumain nito ang sinumang hindi tuli.

49Lahat ay saklaw ng mga tuntuning ito, maging siya'y katutubong Israelita o dayuhan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[50]Sinunod ng lahat ng mga Israelita ang iniutos ni Yahweh kina Moises at Aaron.

[51]Nang araw na iyon, inilabas ni Yahweh sa Egipto ang mga Israelita na nakahanay ayon sa kani-kanilang lipi.

## Exodo 13

### Ang Pagtatalaga sa Panganay

[1]Sinabi ni Yahweh kay Moises,

[2]"Ilaan ninyo sa akin ang mga panganay sapagkat akin ang lahat ng panganay na lalaki sa Israel, maging tao o hayop."

### Ang Pista ng Tinapay na Walang Pampaalsa

[3]Sinabi naman ni Moises sa mga Israelita, "Aalalahanin ninyo ang araw na ito ng inyong paglaya sa pagkaalipin sa bansang Egipto; mula roo'y inilabas kayo ni Yahweh sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan. Huwag kayong kakain ng tinapay na may pampaalsa.

[4]Umalis kayo ng Egipto sa araw na ito ng unang buwan.

[5]Dadalhin kayo ni Yahweh sa lupaing ipinangako niya sa inyong mga ninuno, sa isang mayaman at masaganang lupain; ang lupain ng mga Cananeo, Heteo, Amoreo, Hivita at Jebuseo. Pagdating doon, ipagdiriwang ninyo taun-taon ang araw na ito.

[6]Ang kakainin ninyo sa loob ng pitong araw ay tinapay na walang pampaalsa, at sa ikapitong araw ay ipagpipista ninyo si Yahweh.

[7]Tinapay na walang pampaalsa ang kakainin ninyo sa loob ng pitong araw. At sa panahong iyon, huwag magkakaroon ng pampaalsa o tinapay na may pampaalsa sa inyong lupain.

[8]Sa araw na iyon, sasabihin ng bawat isa sa kanyang mga anak: 'Ginagawa natin ito bilang pag-aalaala sa pagliligtas sa amin ni Yahweh nang ilabas niya kami sa Egipto.'

[9]Ang pag-alalang ito'y magiging isang palatandaan sa inyong kamay, o sa inyong noo, upang hindi ninyo malimutan ang mga utos ni Yahweh, sapagkat inilabas niya kayo sa Egipto sa pamamagitan ng kanyang dakilang kapangyarihan.

[10]Gaganapin ninyo ang pag-aalaalang ito sa takdang araw taun-taon."

### Ang mga Panganay na Lalaki

[11]"Dadalhin kayo ni Yahweh sa lupain ng mga Cananeo, sa lupaing ipinangako niya sa inyo at sa inyong mga ninuno. Pagdating doon,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[12]ibukod ninyo para sa kanya ang lahat ng panganay na lalaki. Kanya rin ang lahat ng panganay na lalaki ng inyong mga hayop.

[13]Lahat ng panganay na lalaki ng mga asno ay tutubusin ninyo ng tupa; kung ayaw ninyong tubusin, baliin ninyo ang leeg nito. Tutubusin din ninyo ang mga anak ninyong panganay.

[14]Darating ang araw na itatanong ng inyong mga anak kung bakit ninyo ginagawa ito. Sabihin ninyo sa kanila na kayo'y iniligtas ni Yahweh mula sa pagkaalipin sa Egipto sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan.

[15]Sabihin ninyo na nang magmatigas ang Faraon at ayaw kayong payagang umalis sa Egipto, pinatay ni Yahweh ang lahat nilang panganay, maging tao o hayop. Ito ang dahilan kaya ninyo inihahandog sa kanya ang lahat ng panganay na lalaki, ngunit ang anak ninyong panganay ay inyong tinutubos.

[16]Ang paghahandog na ito'y magsisilbing palatandaan, tulad ng tatak sa inyong kamay o sa inyong noo; ito'y pag-alala sa ginawa ni Yahweh nang kayo'y ilabas niya sa Egipto sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan."

### Ang Haliging Apoy at Ulap

[17]Nang payagan na ng Faraon ang mga Israelita, hindi sa daan patungong Filistia sila pinaraan ng Diyos kahit na iyon ang pinakamalapit. Ayaw niyang ang mga Israelita'y mapasubo agad sa labanan, baka magbago pa sila ng isip at magbalik sa Egipto.

[18]Kaya, sila'y pinaligid niya sa ilang, patungong Dagat na Pula; sila'y handang-handang makipaglaban.

[19]Ang mga buto ni Jose ay dinala ni Moises sa kanilang pag-alis bilang pagtupad sa kahilingan nito. Ang sinabi noon ni Jose, "Tiyak na ililigtas kayo ni Yahweh; pag-alis ninyo rito'y dalhin ninyo ang aking mga buto."

[20]Umalis sila ng Sucot at tumigil muna sa Etam bago pumasok ng ilang.

[21]Sa kanilang paglalakbay araw-gabi, patuloy silang pinapatnubayan ni Yahweh: kung araw ay sa pamamagitan ng haliging ulap at kung gabi'y sa pamamagitan naman ng haliging apoy na tumatanglaw sa kanila.

[22]Laging nasa unahan nila ang haliging ulap kung araw at ang haliging apoy kung gabi.

## Exodo 14

### Hinabol ng mga Egipcio ang mga Israelita

[1]Sinabi ni Yahweh kay Moises,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2“Pabalikin mo ang mga Israelita at doon mo sila pagkampuhin sa tapat ng Pi Hahirot, ng Baal-zefon, sa pagitan ng Migdol at ng dagat.

3Aakalain ng Faraon na kayo'y nagkakaligaw-ligaw na sa ilang sapagkat hindi ninyo malaman ang lalabasan.

4Pagmamatigasin ko ang Faraon at hahabulin niya kayo ngunit ipapakita ko sa kanya at sa kanyang mga tauhan ang aking kapangyarihan. Sa gayo'y malalaman ng mga Egipcio na ako si Yahweh.” Sinunod ng mga Israelita ang sinabi sa kanila.

5Nang makarating sa Faraon ang balita tungkol sa pag-alis ng mga Israelita, nagbago siya ng isip, pati ang kanyang mga tauhan. Sinabi nila, “Bakit natin pinayagang umalis ang mga Israelita? Wala na ngayong maglilingkod sa atin!”

6Ipinahanda ng Faraon ang kanyang mga karwaheng pandigma at ang kanyang mga kawal.

7Ang dala niya'y animnaraang pangunahing karwaheng pandigma, kasama rin ang lahat ng karwahe sa buong Egipto; bawat isa'y may sakay na punong kawal.

8Pinagmatigas ni Yahweh ang Faraon at hinabol nito ang mga Israelita na noo'y buong pagtitiwalang naglalakbay.

9Hinabol nga sila ng mga Egipcio, ng mga kawal ng Faraon, sakay ng kanilang karwahe. Inabot nila ang mga Israelita, sa tabing dagat, malapit sa Pi Hahirot sa tapat ng Baal-zefon.

10Matinding takot ang naramdaman ng mga Israelita nang makita nilang dumarating ang Faraon at ang mga Egipcio. Kaya, dumaing sila kay Yahweh.

11Sinabi nila kay Moises, “Wala na bang mapaglilibingan sa amin sa Egipto kaya mo kami dinala sa ilang para dito mamatay? Inilabas mo nga kami sa Egipto, ngunit tingnan mo ang nangyari!

12Hindi ba't bago tayo umalis, sinabi na namin sa iyo na ganito nga ang aming sasapitin? Sinabi na namin sa iyo na huwag mo kaming pakialaman, at pabayaan na lamang kaming manatiling alipin ng mga Egipcio sapagkat mas gusto pa naming maging alipin kaysa mamatay dito sa ilang.”

13Sumagot si Moises, “Lakasan ninyo ang inyong loob; huwag kayong matakot. Tingnan na lang ninyo kung paano kayo ililigtas ngayon ni Yahweh. Hindi na ninyo muling makikita ang mga Egipciong iyan.

14Ipagtatanggol kayo ni Yahweh, pumanatag lamang kayo.”

### Ang Pagtawid sa Dagat na Pula

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Bakit mo ako tinatawag? Palakarin mo ang mga Israelita.

16Itapat mo sa ibabaw ng dagat ang iyong tungkod; mahahati ang tubig at matutuyo ang lalakaran ninyo.

17Lalo kong pagmamatigasin ang mga Egipcio at pasusundan ko kayo sa kanila, ngunit doon ko sila lilipulin: ang mga Egipcio, ang mga kawal ng Faraon, pati ang kanilang mga karwahe. Ipapakita ko sa Faraon at sa kanyang hukbo ang aking kapangyarihan.

18Sa gayon, malalaman ng mga Egipciong iyan na ako si Yahweh.”

19Ang anghel ng Diyos na pumapatnubay sa paglalakbay ng mga Israelita ay nagpahuli sa kanila, gayundin ang haliging ulap.

20Ang ulap ay lumagay sa pagitan ng mga Israelita at ng mga Egipcio. Madilim sa panig ng mga Egipcio, maliwanag naman sa mga Israelita. Dumating ang gabi at ang mga Egipcio ay hindi makalapit sa mga Israelita.

21Itinapat ni Moises ang kanyang tungkod sa ibabaw ng dagat. Magdamag na pinaihip ni Yahweh ang isang malakas na hangin mula sa silangan at nahati ang tubig.

22Ang mga Israelita'y tumawid sa dagat na ang nilakara'y tuyong lupa, sa pagitan ng tubig na parang pader.

23Hinabol sila ng mga Egipcio hanggang sa dagat. Ang mga ito'y mga kawal ng Faraon na nakasakay sa mga karwahe at mga kabayo.

24Nang magbubukang-liwayway na, ang mga Egipcio'y ginulo ni Yahweh mula sa haliging apoy at ulap.

25Napabaon ang gulong ng mga karwahe at hindi na sila makahabol nang matulin. Kaya sinabi nila, “Umalis na tayo rito sapagkat si Yahweh na ang kalaban natin.”

26Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Itapat mo ang iyong tungkod sa ibabaw ng dagat at tatabunan ng tubig ang mga Egipcio pati ang kanilang mga karwahe.”

27Ganoon nga ang ginawa ni Moises, at sa pagbubukang-liwayway, nanumbalik sa dati ang dagat. Ang mga Egipcio'y nagsikap makatakas ngunit pinalakas ni Yahweh ang pagdagsa ng tubig kaya't nalunod silang lahat.

28Nang bumalik sa dati ang dagat, natabunan ang mga karwahe't kabayo ng Faraon, pati ang kanyang buong hukbo at wala ni isa mang natira.

29Ngunit ang mga Israelita'y nakatawid sa dagat, na tuyong lupa ang dinaanan, sa pagitan ng tubig na parang pader.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[30]Nang araw na iyon ang mga Israelita'y iniligtas ni Yahweh sa mga Egipcio; nakita nila ang bangkay ng mga Egipcio, nagkalat sa tabing dagat.

[31]Dahil sa kapangyarihang ipinakita ni Yahweh laban sa mga Egipcio, nagkaroon sila ng takot sa kanya at sumampalataya sila sa kanya at sa lingkod niyang si Moises.

## Exodo 15

### Ang Awit ni Moises

[1]Ito ang inawit ni Moises at ng mga Israelita para kay Yahweh: “Itong si Yahweh ay aking aawitan, sa kanyang kinamtang dakilang tagumpay; ang mga kabayo't kawal ng kaaway, sa pusod ng dagat, lahat natabunan.

[2]Si Yahweh ang aking kapangyarihan at kalakasan, siya ang sa aki'y nagdulot ng kaligtasan. Siya'y aking Diyos na aking pupurihin, Diyos ng aking ama, aking dadakilain.

[3]Siya'y isang mandirigma; Yahweh ang kanyang pangalan.

[4]“Mga karwahe't kawal ni Faraon, sa dagat ay kanyang itinapon, sa Dagat na Pula nailibing, mga pinunong Egipcio na pawang magagaling.

[5]Sa malalim na dagat sila'y natabunan, tulad nila'y batong lumubog sa kailaliman.

[6]Ang kanang kamay mo, Yahweh'y makapangyarihan, dinudurog nito ang mga kaaway.

[7]Sa dakila mong tagumpay, nilulupig ang kaaway; sa matinding init ng iyong poot, para silang dayaming tinutupok.

[8]Nang hipan mo ang dagat, tubig ay tumaas, parang pader na tumayo, kailalima'y tumigas.

[9]Wika ng kaaway, ‘hahabulin ko sila't huhulihin, kayamanan nila'y aking sasamsamin, at sa tabak kong hawak, sila'y lilipulin.’

[10]Ngunit sa isang hinga mo Yahweh, sila'y nangalunod, parang tinggang sa malalim na tubig ay nagsilubog.

[11]“Ikaw Yahweh, sino sa mga diyos ang iyong kagaya? Sa kabanala'y dakila at kamangha-mangha, sa mga himala'y di mapantayan, sa kababalaghan ay di matularan?

[12]Nang iyong iunat ang kanan mong kamay, nilamon ng lupa ang aming mga kaaway.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Sa iyong katapatan, bayan mong tinubos ay inakay, tungo sa lupang banal, sila'y iyong pinatnubayan.

14Maraming bansa ang dito'y nakarinig, at sa takot sila'y nagsipanginig; doon sa lupain ng mga Filisteo, nasindak ang lahat ng mga tao.

15Mga pinuno ng Edom ay nangagimbal; matatapang sa Moab sa takot ay sinakmal, mga nakatira sa lupain ng Canaan, lahat sila'y naubusan ng katapangan.

16Takot at sindak ang sa kanila'y dumatal, para silang bato na hindi makagalaw, nang kapangyarihan mo'y kanilang namalas, nang dumaan sa harap nila ang bayang iyong iniligtas.

17Sila'y dadalhin mo, Yahweh, sa sarili mong bundok. Sa dakong pinili mo upang maging iyong lubos, doon sa santuwaryong ikaw ang nagtayo at tumapos.

18Ikaw, Yahweh, ay maghahari magpakailanpaman."

### Ang Awit ni Miriam

19Ang mga Israelita'y hinabol nga ng mga kawal ng Faraon sakay ng mga kabayo at mga karwahe. Nang ang mga kawal ay nasa gitna na ng dagat, muling pinaagos ni Yahweh ang tubig at natabunan ng alon ang mga kawal ng Faraon. Samantala, ang mga Israelita'y tumawid sa tuyong lupa.

20Pagkatapos, kumuha ng tamburin si Miriam, ang babaing propeta na kapatid ni Aaron. Tinugtog niya ito at nagsayawan ang mga babae na mayroon ding mga tamburin.

21Habang sila'y nagsasayaw, ganito ang inaawit ni Miriam: "Purihin si Yahweh sa kanyang dakilang tagumpay; itinapon niya sa dagat ang mga karwahe't ang nakasakay."

### Ang Batis ng Mapait na Tubig

22Pinagayak ni Moises ang mga Israelita, at umalis sila sa Dagat na Pula patungo sa ilang ng Shur. Tatlong araw na silang naglalakbay ngunit wala pa silang nakikitang tubig.

23Sa wakas, dumating sila sa batis ng Mara, ngunit hindi nila mainom ang tubig nito dahil mapait. Kaya, tinawag nila itong Batis na Mapait.

24Nagreklamo kay Moises ang mga Israelita, "Ano ngayon ang iinumin namin?"

25Dahil dito, humingi ng tulong si Moises kay Yahweh. Itinuro naman sa kanya ang isang putol na kahoy. Kinuha ito ni Moises at inihagis sa tubig; nawala ang pait niyon. Doon, sinubok sila ni Yahweh at binigyan ng tuntunin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Ang sabi niya, “Kung ako ay buong puso ninyong susundin, kung gagawin ninyo ang matuwid at susundin ang aking kautusan at mga tuntunin, hindi ko ipararanas sa inyo ang alinman sa mga sakit na ipinadala ko sa Egipto. Akong si Yahweh ang inyong manggagamot.”

27Pagkatapos, nakarating sila sa Elim. Doon ay may labindalawang balon at pitumpung puno ng palma at sila'y nagkampo sa tabi ng mga balon.

## Exodo 16

### Ang Manna at mga Pugo

1Mula sa Elim, nagpatuloy sa paglalakbay ang mga Israelita, at ikalabing limang araw ng ikalawang buwan mula ng sila'y lumabas sa Egipto nang sila'y dumating sa ilang ng Sin, sa pagitan ng Elim at Sinai.

2Ang mga Israelita'y nagreklamo kina Moises at Aaron.

3Sinabi nila, “Mabuti pa sana'y pinatay na kami ni Yahweh sa Egipto. Doon, nakakakain kami ng karne at tinapay hanggang gusto namin. Dito naman sa ilang na pinagdalhan ninyo sa amin, mamamatay kami sa gutom.”

4Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Pauulanan ko kayo ng tinapay mula sa langit. Araw-araw, palalabasin mo ng bahay ang mga tao para mamulot ng kakainin nila sa maghapon. Sa pamamagitan nito'y susubukin ko kung susunod sila sa aking mga tagubilin.

5Tuwing ikaanim na araw, doble sa karaniwan ang kanilang pupulutin at ihahanda.”

6Pagkatapos ng pakikipag-usap nila kay Yahweh, sinabi nina Moises at Aaron sa mga Israelita, “Mamayang gabi, mapapatunayan ninyo na si Yahweh ang naglabas sa inyo sa Egipto.

7At bukas ng umaga, makikita ninyo ang kanyang kapangyarihan. Narinig niya ang inyong reklamo laban sa kanya. Laban sa kanya, sapagkat tuwing gagawin ninyo ito ay sa kanya kayo nagrereklamo, hindi sa amin.”

8Idinugtong pa ni Moises, “Mamayang gabi, bibigyan niya kayo ng karne. Bukas ng umaga ay tinapay ang ibibigay niya sa inyo hanggang gusto ninyo. Iyan ang sagot niya sa inyo. Ang totoo, anumang reklamo ninyo ay laban sa kanya, hindi sa amin, sapagkat sino ba kami para pagreklamuhan ninyo?”

9Sinabi ni Moises kay Aaron, “Paharapin mo ang buong bayan kay Yahweh sapagkat narinig niya ang kanilang reklamo.”

10Nang sabihin ito ni Aaron, ang buong bayan ay humarap kay Yahweh, sa gawi ng disyerto, at bigla na lamang nilang nakita sa ulap ang kaluwalhatian ni Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[11]Sinabi ni Yahweh kay Moises,

[12]"Narinig ko ang reklamo ng mga Israelita. Sabihin mo sa kanila na sa pagtatakip-silim, bibigyan ko sila ng karne. Sa umaga, bibigyan ko sila ng tinapay hanggang gusto nila. Sa gayo'y malalaman nilang ako si Yahweh, ang kanilang Diyos."

[13]Nang magtakip-silim, dumagsa sa kampo ang napakaraming pugo. Kinaumagahan naman ay makapal na makapal ang hamog sa paligid ng kampo.

[14]Nang mapawi ang hamog, nakakita sila sa lupa ng maliliit at maninipis na mga bagay na parang pinipig.

[15]Hindi nila alam kung ano iyon, kaya nagtanungan sila, "Ano ito?" Sinabi ni Moises, "Iyan ang tinapay na bigay sa inyo ni Yahweh.

[16]At ito ang utos niya tungkol diyan: Bawat isa ay kukuha ng kailangan niya at ng mga kasama niya sa tolda, kalahating salop bawat isang tao."

[17]Namulot nga ang mga Israelita—may kumuha ng marami at may kumuha ng kaunti.

[18]Ngunit nang takalin nila ang kanilang nakuha, ang kumuha ng marami ay hindi lumabis, at ang kumuha ng kaunti ay hindi naman kinulang. Sapat lang sa kanila ang kanilang nakuha.

[19]Sinabi sa kanila ni Moises, "Huwag kayong magtitira para sa kinabukasan."

[20]Ngunit ang ilan sa kanila'y hindi nakinig kay Moises. Kinabukasan, inuod at bumaho ang itinira nila. Kaya nagalit sa kanila si Moises.

[21]Mula noon, tuwing umaga'y namumulot sila nang ayon sa kanilang kailangan. Pag-init ng araw, ito'y natutunaw.

[22]Nang ikaanim na araw, doble ang kanilang pinulot, isang salop para sa isang tao. Nagpunta kay Moises ang mga pinuno ng bayan at sinabi ang nangyari.

[23]Ipinaliwanag naman ni Moises sa kanila, "Ito ang utos ni Yahweh: 'Bukas ay Araw ng Pamamahinga, araw na nakatalaga kay Yahweh. Lutuin na ninyo ngayon ang gusto ninyong lutuin. Ang hindi mauubos ay itira ninyo para bukas.'"

[24]Tulad ng sinabi sa kanila ni Moises, nagtira sila para sa kinabukasan, at iyo'y hindi nasira at hindi inuod.

[25]At sinabi ni Moises, "Ito ang kakainin ninyo ngayon. Ngayon ay Araw ng Pamamahinga; wala kayong makukuha niyan ngayon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Anim na araw kayong mamumulot niyan; ngunit sa ikapito, sa Araw ng Pamamahinga, ay wala kayong makukuha."

27Ngunit nang ikapitong araw ay mayroon pa ring mga lumabas sa bukid para mamulot ngunit wala silang nakuha.

28Kaya sinabi ni Yahweh kay Moises, "Hanggang kailan pa kayo susuway sa aking mga utos?

29Tandaan ninyo na akong si Yahweh ang nagtakda sa inyo ng Araw ng Pamamahinga. Kaya, tuwing ikaanim na araw ay binibigyan ko kayo ng pagkain para sa dalawang araw. Sa ikapitong araw ay wala nang lalabas."

30At mula noon, nagpapahinga na lamang sila tuwing ikapitong araw.

31Manna ang itinawag ng mga Israelita sa pagkaing pinupulot nila. Ito'y parang buto ng kulantro, maputi at lasang galyetas na minasa sa pulot.

32Sinabi sa kanila ni Moises, "Ito ang utos ni Yahweh: 'Kumuha kayo ng kalahating salop ng manna. Itatago ninyo ito upang makita ng inyong magiging mga anak at mga apo ang pagkaing ibinigay ko sa inyo nang ilabas ko kayo sa Egipto.'"

33Sinabi naman ni Moises kay Aaron, "Kumuha ka ng isang banga at lagyan mo ng kalahating salop na manna. Pagkatapos, ialay mo sa harapan ni Yahweh upang itago para sa ating magiging mga anak at mga apo."

34Gaya ng iniutos ni Yahweh kay Moises, inilagay ni Aaron sa loob ng Kaban ng Tipan ang palayok ng manna.

35Manna ang kinain ng mga Israelita sa loob ng apatnapung taon, hanggang
sa dumating sila sa Canaan. (36Ang isang salop ay katumbas ng higit sa apat
na litro.)

## Exodo 17

### Ang Bukal Mula sa Malaking Bato

(Bil. 20:1-13)

1Mula sa disyerto ng Sin, naglakbay ang mga Israelita, sila'y humihinto at nagpapatuloy kapag sinabi ni Yahweh. Sila'y nagkampo sa Refidim ngunit walang tubig doon,

2kaya nagalit sila kay Moises. Sinabi nila, "Bigyan mo kami ng tubig na maiinom." "Bakit kayo nagagalit? Bakit ninyo sinusubukan ang kakayahan ni Yahweh?" tanong ni Moises.

3Ngunit talagang uhaw na uhaw na ang mga Israelita, kaya sinumbatan nila si Moises, "Inilabas mo ba kami sa Egipto para patayin sa uhaw pati mga anak namin at mga alagang hayop?"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Kaya, humingi ng tulong si Moises kay Yahweh, “Ano ang gagawin ko sa mga taong ito? Gusto na nila akong batuhin?”

5Sumagot si Yahweh, “Magsama ka ng ilang pinuno ng Israel at mauna kayo sa mga Israelita. Dalhin mo ang iyong tungkod na inihampas mo sa Ilog Nilo at lumakad na kayo.

6Hihintayin ko kayo sa ibabaw ng malaking bato sa Sinai. Hampasin mo ito at bubukal ang tubig na maiinom ng mga tao.” Iyon nga ang ginawa ni Moises; at ito'y nasaksihan ng mga kasama niyang pinuno ng Israel.

7Ang lugar na iyon ay pinangalanan niyang “Masah” at “Meriba” sapagkat nagtalu-talo doon ang mga Israelita at sinubok nila si Yahweh. Ang pinagtalunan nila ay kung pinapatnubayan nga sila ni Yahweh o hindi.

**Ang Labanan ng mga Israelita at ng mga Amalekita**

8Nang ang mga Israelita'y nasa Refidim, sinalakay sila ng mga Amalekita.

9Sinabi ni Moises kay Josue, “Pumili ka ng ilang tauhan natin at pangunahan mo sa pakikipaglaban sa mga Amalekita. Hahawakan ko naman ang tungkod na ibinigay sa akin ng Diyos at tatayo ako sa ibabaw ng burol.”

10Sinunod ni Josue ang utos ni Moises at hinarap niya ang mga Amalekita. Si Moises naman, kasama sina Aaron at Hur ay nagpunta sa burol.

11Kapag nakataas ang mga kamay ni Moises, nananalo ang mga Israelita; kapag nakababa, nananalo naman ang mga Amalekita.

12Nangawit na si Moises kaya sina Aaron at Hur ay kumuha ng isang bato at pinaupo roon si Moises habang hawak nilang pataas ang mga kamay nito hanggang sa lumubog ang araw.

13Dahil dito'y natalo ni Josue ang mga Amalekita.

14Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Isulat mo ang pangyayaring ito upang hindi ninyo malimutan, at sabihin mo naman kay Josue na lilipulin ko ang mga Amalekita.”

15Nagtayo si Moises ng isang altar at tinawag niya itong, “Si Yahweh ang aking Watawat.”

16At sinabi niya sa mga tao, “Itaas ninyo ang watawat ni Yahweh! Patuloy niya tayong pangungunahan sa ating pakikipaglaban sa mga Amalekita.”

## Exodo 18

**Dinalaw ni Jetro si Moises**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Nabalitaan ni Jetro, biyenan ni Moises at pari sa Midian, ang mga ginawa ni Yahweh para kay Moises at sa mga Israelita, kung paanong inilabas niya ang mga ito sa lupain ng Egipto.

2Si Jetro ang nag-aruga kay Zipora nang ito'y pauwiin ni Moises sa Midian

3kasama ang dalawa nilang anak. Gersom ang pangalan ng una sapagkat ang sabi ni Moises nang ito'y isilang: “Ako'y dayuhan sa lupaing ito.”

4Ang pangalawa nama'y Eliezer, sapagkat ang sabi niya: “Tinulungan ako ng Diyos ng aking mga ninuno; iniligtas niya ako sa tabak ng Faraon.”

5Isinama ni Jetro ang asawa ni Moises at ang dalawang anak nito, at pumunta sa pinagkakampuhan nina Moises sa ilang, sa tabi ng Bundok ng Diyos.

6Pagdating doon, ipinasabi niya kay Moises: “Darating ako riyan, kasama ang iyong asawa't dalawang anak.”

7Kaya't sinalubong sila ni Moises. Nagbigay-galang siya sa biyenan, niyakap ito, at isinama sa kanyang tolda; doon sila nagkumustahan at masayang nagbalitaan.

8Isinalaysay ni Moises ang lahat ng ginawa ni Yahweh sa Faraon at sa mga Egipcio, at kung paano iniligtas ni Yahweh ang mga Israelita. Isinalaysay rin niya ang mga hirap na inabot nila sa paglalakbay at kung paano sila tinulungan ni Yahweh.

9Natuwa si Jetro sa kabutihang ginawa sa kanila ni Yahweh at sa pagliligtas nito sa kanila sa mga Egipcio.

10Sinabi niya, “Purihin si Yahweh na nagligtas sa inyo mula sa kamay ng Faraon at ng mga Egipcio! Purihin si Yahweh na nagpalaya sa mga Israelita mula sa pagkaalipin sa Egipto!

11Napatunayan ko ngayon na siya ay higit sa ibang mga diyos dahil sa ginawa niya sa mga Egipcio na umapi sa mga Israelita.”

12At si Jetro ay nagdala ng handog na susunugin at iba pang handog para sa Diyos. Dumating naman si Aaron at ang mga pinuno ng Israel, at kumain sila, kasalo ng biyenan ni Moises.

**Ang Paghirang sa mga Hukom**

(Deut. 1:9-18)

13Kinabukasan, naupo si Moises upang mamagitan at humatol sa mga usapin ng mga tao. Inabot siya ng gabi sa dami ng taong lumalapit sa kanya.

14Nang makita ni Jetro ang hirap na inaabot ni Moises sa kanyang ginagawa, tinanong niya ito, “Ano ba ang ginagawa mo sa mga tao? Bakit mag-isa mong ginagawa ito at ang mga tao'y maghapong nakapaligid sa iyo?”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Sumagot si Moises, "Mangyari po lumalapit sila sa akin para alamin ang kalooban ng Diyos.

16Kapag may dalawang taong may pinagtatalunan, lumalapit sila sa akin at sinasabi ko naman sa kanila kung sino ang may katuwiran. Bukod doon, ipinaliliwanag ko sa kanila ang mga utos at tuntunin ng Diyos."

17Sinabi ni Jetro, "Hindi ganyan ang dapat mong gawin.

18Pinahihirapan mo ang iyong sarili pati ang mga tao. Napakalaking gawain iyan para sa iyo at hindi mo iyan kayang mag-isa.

19Pakinggan mo itong ipapayo ko sa iyo at tutulungan ka ng Diyos. Ikaw ang lalapit sa Diyos para sa kanila at magdadala sa kanya ng kanilang mga usapin.

20Ikaw ang magtuturo sa kanila ng mga kautusan at mga tuntunin, at ikaw rin ang magpapaliwanag sa kanila kung ano ang dapat nilang gawin.

21Ngunit pumili ka ng mga taong may kakayahan, may takot sa Diyos, mapagkakatiwalaan at di masusuhulan. Gawin mo silang tagapangasiwa sa libu-libo, daan-daan, lima-limampu at sampu-sampu.

22Sila na ang bahalang humatol sa maliliit na usapin, at ang mabibigat na kaso lamang ang ihaharap sa iyo. Sa gayon, hindi ka masyadong mahihirapan sapagkat matutulungan ka nila sa iyong gawain.

23Kung ganoon ang gagawin mo, na siya namang utos ng Diyos, hindi ka mahihirapan at madali pang maaayos ang anumang suliranin ng taong-bayan."

24Pinakinggan ni Moises ang payo ng kanyang biyenan at sinunod niya ito.

25Pumili nga siya ng mga lalaking may kakayahan at ginawa niyang tagapangasiwa sa Israel: para sa libu-libo, sa daan-daan, sa lima-limampu at sa sampu-sampu.

26Sila ang naging palagiang hukom ng bayan. Ang malalaking usapin na lamang ang dinadala nila kay Moises at sila na ang lumulutas sa maliliit na kaso.

27Pagkatapos nito'y nagpaalam na si Jetro kay Moises at umuwi sa sariling bayan.

## Exodo 19

### Ang mga Israelita sa Bundok ng Sinai

1Ang mga Israelita'y nakarating sa ilang ng Sinai noong unang araw ng ikatlong buwan buhat nang umalis sila sa Egipto.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Mula sa Refidim, nagpatuloy sila sa ilang ng Sinai at nagkampo sa tapat ng bundok.

3Si Moises naman ay umakyat sa bundok upang makipag-usap sa Diyos. Sinabi sa kanya ni Yahweh, “Ito ang sabihin mo sa angkan ni Jacob, sa mga Israelita.

4‘Nakita ninyo ang ginawa ko sa mga Egipcio. Nakita rin ninyo kung paanong dinala ko kayo rito tulad ng isang agilang nagdala sa kanyang mga inakay.

5Kung susundin ninyo ako at magiging tapat sa ating kasunduan, kayo ang magiging bayang hinirang. Ang buong daigdig ay akin ngunit kayo'y aking itatangi.

6Kayo'y gagawin kong isang kaharian ng mga pari at isang bansang banal.’ Iyan ang sabihin mo sa mga Israelita.”

7Kaya tinipon ni Moises ang mga pinuno ng Israel at sinabi ang lahat ng iniutos sa kanya ni Yahweh.

8Sila nama'y sabay-sabay na sumagot, “Susundin namin ang lahat ng iniutos ni Yahweh.” Si Moises ay nagbalik kay Yahweh at sinabi ang tugon ng mga tao.

9Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Magsasalita ako sa iyo mula sa makapal na ulap upang marinig ng mga tao at nang sila'y maniwala sa iyo habang panahon.” At sinabi ni Moises kay Yahweh ang pasya ng mga tao.

10Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Sabihin mo sa mga tao na ihanda nila ang kanilang sarili mula sa araw na ito hanggang bukas. Kailangang labhan nila ang kanilang mga damit

11at humanda sa makalawa, sapagkat akong si Yahweh ay bababâ sa Bundok ng Sinai para makita ng mga tao.

12Lagyan mo ng hangganan ang paligid ng bundok, at sabihin mo sa kanilang huwag aakyat sa bundok ni hahawakan ang anumang nasa loob ng hangganan. Sinumang gumawa nito ay papatayin

13sa pamamagitan ng bato o sibat, maging tao man o hayop. At sinumang patayin sa ganitong dahilan ay huwag ding hahawakan. Kapag narinig na ninyo ang mahabang tunog ng trumpeta, saka pa lamang kayo makaaakyat sa bundok.”

14Mula sa bundok, bumabâ si Moises at pinahanda ang mga tao upang sumamba; at nilinis nila ang kanilang mga damit.

15Sinabi sa kanila ni Moises, “Humanda kayo sa ikatlong araw; at huwag muna kayong magsisiping.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Kinaumagahan ng ikatlong araw ay kumulog at kumidlat. Ang bundok ay nabalot ng makapal na ulap at narinig ang isang malakas na tunog ng trumpeta. Nanginig sa takot ang lahat ng tao sa buong kampo.

17Pinangunahan ni Moises ang mga tao papunta sa paanan ng bundok upang humarap sa Diyos.

18Ang Bundok ng Sinai ay nababalot ng usok sapagkat bumabâ si Yahweh sa anyo ng apoy. Tumaas ang usok tulad ng usok ng isang pugon, at nayanig ang bundok.

19Palakas nang palakas ang tunog ng tambuli. Nagsalita si Moises at sumagot sa kanya ang Diyos sa pamamagitan ng kulog.

20Bumabâ si Yahweh sa tuktok ng Bundok ng Sinai at pinaakyat niya roon si Moises.

21Sinabi niya, "Bumabâ ka at sabihin mo sa mga tao na huwag lalampas ng hangganan upang makita ako sapagkat marami ang mamamatay.

22Pati ang mga paring lalapit sa akin ay kailangang maglinis ng kanilang sarili; kung hindi'y paparusahan ko sila."

23Sinabi ni Moises kay Yahweh, "Hindi po aakyat dito ang mga tao sapagkat pinalagyan na ninyo ng hangganan ang paligid ng bundok at itinuturing naming banal ang nakapaloob doon."

24Sinabi ni Yahweh, "Bumabâ ka at isama mo rito si Aaron. Ang mga pari at ang mga tao ay huwag mong palalampasin sa hangganan. Sinumang lumampas ay paparusahan ko."

25Bumabâ nga si Moises at sinabi ito sa mga tao.

## Exodo 20

### Ang Sampung Utos

(Deut. 5:1-21)

1Ang lahat ng ito'y sinabi ng Diyos:

2"Ako si Yahweh, ang iyong Diyos na naglabas sa iyo sa Egipto at nagpalaya sa iyo mula sa pagkaalipin.

3"Huwag kang sasamba sa ibang diyos, maliban sa akin.

4"Huwag kang gagawa ng imahen ng anumang nilalang na nasa langit, nasa lupa, o nasa tubig upang sambahin.

5Huwag mo silang yuyukuran ni sasambahin sapagkat akong si Yahweh na iyong Diyos ay mapanibughuing Diyos. Ang kasalanan ng mga magulang ay sinisingil ko sa kanilang mga anak hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Ngunit ipinadarama ko ang aking pag-ibig sa libu-libong salinlahi ng mga umiibig sa akin at tumutupad sa aking mga kautusan.

7“Huwag mong gagamitin sa walang kabuluhan ang pangalan ni Yahweh na iyong Diyos. Tiyak na paparusahan ko ang sinumang gumamit nito nang walang kabuluhan.

8“Lagi mong tandaan at ilaan para sa akin ang Araw ng Pamamahinga.

9Anim na araw kang magtatrabaho, at tapusin mo ang dapat gawin.

10Subalit ang ikapitong araw ay para kay Yahweh na iyong Diyos; ito ay Araw ng Pamamahinga. Sa araw na ito'y huwag magtrabaho ang sinuman sa inyo; kayo, ang inyong mga anak, mga aliping lalaki o babae, ang inyong mga alagang hayop, ni ang mga dayuhang nakikipamayan sa inyo.

11Anim na araw kong nilikha ang langit, ang lupa, ang mga dagat at ang lahat ng nasa mga ito. Ngunit namahinga ako sa ikapitong araw. Kaya't ito'y aking pinagpala at inilaan para sa akin.

12“Igalang mo ang iyong ama at ina. Sa gayo'y mabubuhay ka nang matagal sa lupaing ibinibigay sa inyo ni Yahweh na inyong Diyos.

13“Huwag kang papatay.

14“Huwag kang mangangalunya.

15“Huwag kang magnanakaw.

16“Huwag kang sasaksi nang walang katotohanan laban sa iyong kapwa.

17“Huwag mong pagnanasaang maangkin ang sambahayan ng iyong kapwa: ang kanyang asawa, mga alilang lalaki o babae, mga baka, asno o ang anumang pag-aari niya.”

### Natakot ang mga Israelita
(Deut. 5:22-33)

18Nanginig sa takot ang mga Israelita nang marinig nila ang dagundong ng kulog at tunog ng trumpeta, at makita ang kidlat at ang usok sa bundok. Nanatili silang nakatayo sa malayo.

19Nang lumapit sa kanila si Moises, sinabi nila, “Ikaw ang magsalita sa amin at makikinig kami; huwag na ang Diyos at baka kami mamatay.”

20Sinabi sa kanila ni Moises, “Huwag kayong matakot, sapagkat sinusubok lang kayo ng Diyos. Nais lang niyang magkaroon kayo ng takot sa kanya sapagkat ayaw niya kayong magkasala.”

21Ngunit nanatili pa rin sa malayo ang mga tao; si Moises lamang ang lumapit sa makapal na ulap na kinaroroonan ng Diyos.

### Ang mga Utos tungkol sa mga Altar

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Sabihin mo ito sa mga Israelita: Narinig ninyo nang ako'y magsalita mula sa langit.

23Huwag kayong gagawa ng anumang diyus-diyosan, pilak man o ginto.

24Gumawa kayo ng altar na yari sa lupa at doon ninyo susunugin ang inyong mga handog para sa kapayapaan; doon din ninyo susunugin ang handog ninyong mga tupa at mga baka. Doon ninyo ako sasambahin sa lugar na ituturo ko sa inyo. Pupunta ako roon at pagpapalain ko kayo.

25Kung gagamit kayo ng bato sa altar na inyong gagawin, huwag kayong gumamit ng batong tinapyasan ng paet. Ang paggamit ng paet ay isang paglapastangan.

26Huwag ninyo akong igagawa ng altar na may baytang paakyat upang hindi malantad ang inyong kahubaran."

## Exodo 21

### Ang Batas sa mga Alipin

(Deut. 15:12-18)

1"Ito ang tuntuning ibibigay mo sa bayang Israel.

2Kapag ang isang tao'y bumili ng aliping Hebreo, maglilingkod ito sa kanya sa loob ng anim na taon. Sa ikapito, makakalaya na siya nang hindi kailangang tubusin.

3Kung ang alipin ay walang asawa nang bilhin, aalis siyang walang asawa. Ngunit kung may asawa siya nang mabili, kasama niya sa pag-alis ang kanyang asawa.

4Kung sa kanyang pagkaalipin ay binigyan siya ng magiging asawa at nagkaanak sila, ang babae at ang mga anak ay maiiwan sa amo; siya lamang ang lalaya.

5Ngunit kung ayaw na niyang umalis sapagkat mahal niya ang kanyang asawa't mga anak, gayon din ang kanyang amo

6patutunayan niya ito sa harapan ng Diyos: dadalhin siya sa pintuan, sa tabi ng poste ng pinto at bubutasan ang isa niyang tainga. Sa gayon, magiging alipin siya habang buhay.

7"Kapag ipinagbili ng ama ang kanyang anak na babae upang maging alipin, hindi ito palalayain tulad ng aliping lalaki.

8Ngunit kung ang babae'y ipinagbili bilang asawa ng kanyang amo, subalit siya'y hindi nito kinaluguran, siya ay maaaring ipatubos sa kanyang mga

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

kamag-anak. Walang karapatan ang kanyang amo na siya'y ipagbili sa mga dayuhan sapagkat hindi ito naging makatarungan sa babae.

9Kung ang babae nama'y binili para sa anak ng amo, ituturing siya nito na parang tunay na anak.

10At kung mag-asawa ng iba ang lalaki, ang babae ay patuloy na bibigyan ng kanyang pagkain, damit at patuloy na sisipingan ng kanyang asawang lalaki.

11Kapag hindi tinupad ng lalaki ang tatlong bagay na ito, dapat palayain ang babae nang hindi na kailangang tubusin.

**Mga Batas tungkol sa mga Karahasan**

12“Sinumang manakit at makapatay sa kanyang kapwa ay dapat ring patayin.

13Ngunit kung hindi sinadya o binalak ang pagpatay at ito'y hinayaang mangyari ng Diyos, ang nakamatay ay maaaring magtago sa lugar na itatakda ko sa ganitong pangyayari.

14Ngunit kung ang pagpatay ay sinasadya, darakpin ang pumatay at papatayin kahit magtago pa siya sa aking altar.

15“Sinumang magbuhat ng kamay sa kanyang ama o ina ay dapat patayin.

16“Sinumang dumukot ng kapwa upang ipagbili o alipinin ay dapat patayin.

17“Sinumang magmura sa kanyang ama o ina ay dapat patayin.

18-19“Ang manuntok o mamukpok ng bato sa pag-aaway ay hindi paparusahan kung ang sinuntok o pinukpok ay hindi namatay at muling nakalakad kahit nakatungkod. Ngunit kung ang sinuntok o pinukpok ay maratay, siya ay aalagaan ng nanakit at babayaran pa ang panahong hindi niya naipagtrabaho.

20“Kapag sinaktan ng isang tao ang kanyang alipin, maging babae o lalaki, at ito'y namatay noon din, paparusahan ang taong iyon.

21Ngunit kung ang alipin ay mabuhay ng isa o dalawang araw, hindi paparusahan ang amo sapagkat kanyang ari-arian ang alipin.

22“Kung ang nag-aaway ay makasakit ng nagdadalang-tao at dahil doo'y nakunan ito, ngunit walang ibang pinsala, ang nakasakit ay magbabayad ng halagang hihingin ng asawa ng babae ayon sa kapasyahan ng mga hukom.

23Ngunit kung may iba pang pinsalang tinamo ang babae, paparusahan ang nakasakit: buhay din ang kabayaran sa buhay,

24mata sa mata, ngipin sa ngipin, kamay sa kamay, paa sa paa,

25sunog sa sunog, sugat sa sugat, galos sa galos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26“Kapag pinalo ng amo ang kanyang alipin, lalaki o babae, at ito'y nabulag, palalayain niya ang aliping iyon bilang kabayaran sa mata nito.

27Ganoon din ang gagawin kung mabungi ng amo ang ngipin ng kanyang alipin, bilang kabayaran naman sa ngipin nito.

### Ang Pananagutan ng May-ari

28“Kapag ang isang baka ay nanuwag at nakapatay ng tao, babatuhin ang baka hanggang sa mamatay, ngunit huwag kakanin ang karne nito; walang pananagutan ang may-ari ng baka.

29Kung ito'y dati nang nanunuwag ngunit pinabayaan pa ng may-ari matapos tawagin ang kanyang pansin, papatayin ang baka gayundin ang may-ari kapag nakamatay ang baka.

30Gayunman, kung lalagyan ng halaga ang buhay ng namatay, babayaran ito ng may-ari at hindi na siya papatayin.

31Kahit bata ang mapatay ng baka, iyan din ang tuntunin.

32Kung alipin ang napatay sa suwag, ang amo ng alipin ay babayaran ng may-ari ng baka; tatlumpung pirasong pilak ang ibabayad at babatuhin ang baka hanggang sa mamatay.

33“Kapag naiwang bukás ang isang balon, o kaya'y may humukay ng balon ngunit hindi tinakpan, at may baka o asnong nahulog doon,

34ang nahulog na hayop ay babayaran ng may-ari ng balon ngunit kanya na ang hayop.

35Kapag ang napatay naman sa suwag ay baka ng iba, ipagbibili ang nanuwag at ang pinagbilhan ay paghahatian ng dalawang may-ari, pati ang karne ng bakang napatay.

36Ngunit kung ito'y dating nanunuwag at hindi ikinulong ng may-ari, papalitan niya ang napatay na baka at ito nama'y kanya na.

## Exodo 22

### Batas tungkol sa Ninakaw

1“Kapag ang isang tao'y nagnakaw ng baka o tupa at ito'y pinatay o ipinagbili, papalitan niya ito: lima ang ipapalit sa isang baka, at apat naman sa isang tupa.

2-4Kailangan siyang magbayad. Kung walang ibabayad, siya ang ipagbibili at ang pinagbilhan ang ibabayad sa kanyang ninakaw. Kung ang ninakaw naman ay makita sa kanya at buháy pa, doble lamang ang ibabayad niya. “Kapag ang magnanakaw ay pumasok nang gabi at siya ay napatay ng may-

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ari ng bahay, walang pananagutan ang nakapatay. Kung ang pagkapatay ay naganap pagkasikat ng araw, mananagot ang nakapatay.

5“Kapag ang hayop na alaga ay nakawala at nakapanira sa bukid ng iba, papalitan ng may-ari ang anumang nasira ng kanyang hayop. Ang ibabayad niya ay ang pinakamainam na ani ng kanyang bukirin.

6“Kapag may nagsiga, kumalat ang apoy at nakasunog ng mga inani o ng pananim ng iba, ito ay babayaran ng nagsiga.

7“Kapag ang salapi o anumang ari-arian ng isang tao'y ipinagkatiwala sa kanyang kapwa at ang mga ito'y nawala sa bahay, pagbabayarin nang doble ang kumuha kapag ito'y mahuli.

8Kung hindi naman mahuli ang nagnakaw, ang pinagkatiwalaan ay panunumpain sa harapan ng Diyos para patunayang wala siyang kinalaman sa pagkawala ng inihabilin sa kanya.

9“Anumang usapin tungkol sa pang-aangkin ng nawawalang asno, baka, tupa, damit o anumang bagay, ay dadalhin sa harapan ng Diyos. Ang mapatunayang nang-aangkin lamang ay magbabayad nang doble sa tunay na may-ari.

10“Kung mamatay, mapinsala o inagaw ang isang asno, baka, tupa o anumang hayop na paalaga ngunit walang nakakita sa pangyayari,

11ang nag-aalaga ay manunumpa sa harapan ni Yahweh upang patunayan na wala siyang kinalaman sa pangyayari. Ito'y dapat paniwalaan ng may-ari at wala nang pananagutan ang tagapag-alaga.

12Ngunit kung ninakaw ang hayop, magbabayad ang tagapag-alaga.

13Kung ang hayop naman ay pinatay ng isang hayop na mabangis, ipapakita ng tagapag-alaga ang bahaging natira at wala siyang pananagutan.

14“Kapag ang isang tao'y nanghiram ng isang hayop at ito'y namatay o napinsala nang hindi nakikita ng may-ari, babayaran ito ng nanghiram.

15Ngunit kung naroon ang may-ari, hindi ito babayaran, lalo na kung inupahan; ang upa ang magiging kabayaran.

**Tuntunin tungkol sa Pananampalataya at Kabutihang-asal**

16“Kapag ang isang dalagang hindi pa nakatakdang ikasal ay inakit at sinipingan ng isang lalaki, siya ay pakakasalan ng lalaking iyon at bibigyan ng kaukulang dote.

17Kung hindi pumayag ang ama na ipakasal ang babae, ibibigay na lang sa ama ang halagang katumbas ng dote.

18“Ang mga mangkukulam ay dapat patayin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[19]“Sinumang makipagtalik sa hayop ay dapat patayin.

[20]“Sinumang maghandog sa diyus-diyosan ay dapat patayin sapagkat kay Yahweh lamang dapat maghandog.

[21]“Huwag ninyong aapihin ang mga dayuhan; alalahanin ninyong naging dayuhan din kayo sa Egipto.

[22]Huwag din ninyong aapihin ang mga balo at ang mga ulila.

[23]Kapag inapi ninyo sila at dumaing sa akin, tiyak na papakinggan ko sila.

[24]Dahil dito, kapopootan ko kayo at lilipulin sa pamamagitan ng digmaan. Sa gayo'y mabibiyuda rin ang inyu-inyong asawa at mauulila ang inyong mga anak.

[25]“Kapag nangutang sa inyo ang mga kababayan ninyong mahihirap, huwag kayong hihingi ng tubo, tulad ng ginagawa ng mga nagpapatubo.

[26]Kapag may nagsanla sa inyo ng balabal, ibalik ninyo iyon sa kanya bago lumubog ang araw

[27]sapagkat iyon lamang ang pambalot niya sa katawan; wala siyang kukumutin sa pagtulog. Kapag siya'y dumaing sa akin, papakinggan ko siya sapagkat ako'y mahabagin.

[28]“Huwag ninyong lalapastanganin ang Diyos ni mumurahin ang mga pinuno ng inyong bayan.

[29]“Huwag ninyong kalilimutang maghandog ng inaning butil, alak na mula sa katas ng ubas at langis sa takdang panahon. “Ihahandog ninyo sa akin ang inyong mga panganay na lalaki.

[30]Ihahandog din ninyo sa akin ang panganay ng inyong mga baka at tupa. Huwag ihihiwalay sa ina ang panganay nitong lalaki hanggang sa ikapitong araw mula sa kapanganakan; sa ikawalong araw, ihahandog siya sa akin.

[31]“Kayo'y aking bayang pinili. Kaya huwag kayong kakain ng karne ng hayop na pinatay ng mabangis na hayop; ipakain ninyo iyon sa mga aso.

## Exodo 23

### Ang mga Tuntunin tungkol sa Katarungan

[1]“Huwag kayong gagawa ng anumang pahayag na walang katotohanan. Huwag kayong magsisinungaling para lamang tulungan ang isang taong may kasalanan.

[2]Huwag kayong makikiisa sa karamihan, sa paggawa ng masama o sa paghadlang sa katarungan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Ngunit huwag rin ninyong kikilingan ang mahihirap dahil lang sa kanilang kalagayan.

4“Kung makita ninyong nakawala ang baka o asno ng inyong kaaway, hulihin ninyo ito at dalhin sa may-ari.

5Kapag nakita ninyong nakabuwal ang asno ng inyong kaaway dahil sa bigat ng dala, tulungan ninyo ang may-ari upang ibangon ang hayop.

6“Huwag ninyong pagkakaitan ng katarungan ang mahihirap.

7Huwag kayong magbibintang nang walang katotohanan. Huwag ninyong hahatulan ng kamatayan ang isang taong walang kasalanan; paparusahan ko ang sinumang gagawa ng ganoon.

8Huwag kayong tatanggap ng suhol sapagkat ang suhol ay bumubulag sa tao sa katuwiran at ikinaaapi naman ng mga walang sala.

9“Huwag ninyong aapihin ang mga dayuhan; naranasan na ninyo ang maging dayuhan sapagkat kayo man ay naging dayuhan din sa Egipto.

**Ang Ikapitong Taon at ang Ikapitong Araw**

10“Anim na taon ninyong tatamnan ang inyong mga bukirin at anim na taon din ninyong aanihin ang bunga.

11Sa ikapitong taon, huwag ninyo itong tatamnan at huwag din ninyong aanihin ang anumang tutubo roon. Bayaan na ninyo iyon sa mga kapatid ninyong mahirap, at ang matira ay ipaubaya na ninyo sa mga maiilap na hayop. Ganoon din ang gagawin ninyo sa inyong mga ubasan at taniman ng olibo.

12“Anim na araw kayong magtatrabaho, ngunit sa ikapitong araw ay titigil kayo sa paggawa upang makapahinga rin ang inyong mga baka, asno, alipin at ang mga manggagawang dayuhan.

13“Pakinggan ninyong mabuti itong mga sinasabi ko sa inyo. Huwag kayong mananalangin sa mga diyus-diyosan, ni babanggitin man ang kanilang pangalan.

**Ang Tatlong Pangunahing Pista**

14“Ipagpipista ninyo ako nang tatlong beses isang taon.

15Ipagdiriwang ninyo ang Pista ng Tinapay na Walang Pampaalsa. Tulad ng sinabi ko sa inyo, pitong araw na huwag kayong kakain ng tinapay na may pampaalsa. Ito'y gagawin ninyo sa takdang araw ng unang buwan, ang buwan ng pag-alis ninyo sa Egipto. Walang haharap sa akin nang walang dalang handog.

16“Ipagdiriwang din ninyo ang Pista ng Pag-aani tuwing aanihin ninyo ang unang bunga ng inyong mga bukirin. “At ipagdiriwang din ninyo ang Pista ng

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

mga Tolda sa pagtatapos ng taon, sa pitasan ng ubas at ng mga bungangkahoy.

17Tatlong beses isang taon, lahat ng lalaki ay haharap sa Panginoong Yahweh.

18“Huwag ninyong sasamahan ng tinapay na may pampaalsa ang mga hayop na ihahandog ninyo sa akin, at huwag ninyong hahayaang matira sa kinabukasan ang taba ng mga hayop na handog ninyo sa pagpipista para sa akin.

19“Dadalhin ninyo bilang handog sa bahay ni Yahweh na inyong Diyos ang mga pinakamainam na unang ani ng inyong mga bukirin. “Huwag kayong maglalaga ng tupa o batang kambing sa gatas ng sarili nitong ina.

**Mga Pangako at mga Tagubilin**

20“Magpapadala ako ng anghel na mangunguna sa inyo. Pangangalagaan niya kayo sa inyong paglalakbay at papatnubayan hanggang sa lupaing inihanda ko sa inyo.

21Papakinggan ninyo siya at susundin ang lahat ng sasabihin niya sa inyo. Huwag ninyo siyang susuwayin sapagkat lahat ng ginagawa niya'y sa pangalan ko at hindi niya kayo patatawarin kapag nagrebelde kayo sa kanya.

22Kung susundin ninyo siya at gagawin ninyo ang mga sinasabi ko, ipaglalaban ko kayo sa inyong mga kaaway.

23Pangungunahan kayo ng aking anghel patungo sa lupain ng mga Amoreo, Heteo, Perezeo, Cananeo, Hivita at Jebuseo, at sila'y lilipulin ko.

24Huwag ninyong yuyukuran o sasambahin ang kanilang mga diyus-diyosan, ni tutularan ang kanilang ginagawa. Durugin ninyo ang kanilang mga diyus-diyosan pati mga haliging ginamit nila sa pagsamba.

25Akong si Yahweh ang siya lamang ninyong paglilingkuran. Pasasaganain ko kayo sa pagkain at inumin, at ilalayo sa anumang karamdaman.

26Isa man sa mga babaing Israelita ay walang makukunan o mababaog. At bibigyan ko kayo ng mahabang buhay.

27“Dahil sa gagawin ko, masisindak ang lahat ng haharap sa inyo. Malilito ang mga bansang makakalaban ninyo at magtatakbuhan dahil sa takot.

28Habang kayo'y papalapit, guguluhin ko ang inyong mga kaaway at palalayasin ko ang mga Hivita, Cananeo at Heteo sa kanilang lupain.

29Hindi ko muna sila paaalising lahat sa loob ng isang taon para hindi mapabayaan ang lupain at nang hindi dumami ang mga maiilap na hayop.

30Unti-unti ko silang paaalisin hanggang sa dumami ang inyong mga anak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

31Ang magiging hangganan ng inyong lupain ay mula sa Dagat na Pula hanggang sa Dagat Mediteraneo, at mula sa ilang hanggang sa Ilog Eufrates. Ipapalupig ko sa inyo ang mga tagaroon at sila'y inyong palalayasin.

32Huwag kayong makikipagtipan sa kanila o sa kanilang mga diyus-diyosan.

33Huwag ninyo silang patitirahing kasama ninyo sa lupaing sasakupin ninyo, at baka mahikayat nila kayong magkasala sa akin. Kapag pinaglingkuran ninyo ang kanilang mga diyus-diyosan, iyon ang magiging simula ng inyong kapahamakan."

# Exodo 24

### Pinagtibay ang Kasunduan

1Pagkatapos, sinabi naman ni Yahweh kay Moises, "Umakyat ka rito sa bundok. Isama mo sina Aaron, Nadab, Abihu at ang pitumpu sa mga pinuno ng Israel. Sumamba kayo sa lugar na malayo sa akin.

2Ikaw lamang ang makakalapit sa akin. Sabihin mo naman sa mga taong-bayan na huwag aakyat sa bundok."

3Lahat ng iniutos ni Yahweh ay sinabi ni Moises sa mga Israelita. Ang mga ito nama'y sabay-sabay na sumagot, "Lahat ng iniuutos ni Yahweh ay susundin namin."

4Isinulat ni Moises ang lahat ng utos ni Yahweh. Kinabukasan, maagang-maaga siyang nagtayo ng altar sa paanan ng bundok. Nagtayo rin siya ng labindalawang bato, na kumakatawan sa labindalawang lipi ni Israel.

5Pagkatapos, inutusan niya ang ilang kabataang lalaki na magdala sa altar ng mga handog na susunugin. Sila rin ang inutusan niyang pumatay ng mga hayop na gagamitin bilang handog sa pakikipagkasundo kay Yahweh.

6Ang kalahati ng dugo ng pinatay na hayop ay inilagay niya sa malalaking mangkok at ang kalahati'y ibinuhos niya sa altar.

7Kinuha niya ang aklat ng tipan at binasa nang malakas. Sabay-sabay namang sumagot ang mga Israelita, "Susundin namin ang lahat ng utos ni Yahweh."

8Pagkatapos, kinuha ni Moises ang mga mangkok ng dugo at winisikan ang mga tao. Sinabi niya, "Ang dugong ito ang siyang katibayan ng pakikipagtipang ginawa sa inyo ni Yahweh sa pagbibigay sa inyo ng kautusang ito."

9Umakyat nga sa bundok sina Moises, Aaron, Nadab, Abihu at ang pitumpung pinuno ng Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Doo'y nakita nila ang Diyos ng Israel. Ang kanyang tuntungan ay parang bughaw na safiro at nakakasilaw na parang langit.

11Ngunit walang masamang nangyari sa kanila kahit nakita nila ang Diyos. At sila'y kumain doon at uminom.

**Si Moises sa Bundok ng Sinai**

12Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Umakyat ka rito. Maghintay ka at ibibigay ko sa iyo ang mga tapyas ng batong kinasusulatan ng mga kautusan at ng mga tagubilin. Sinulat ko ito upang maging tuntuning ituturo mo sa mga tao.”

13Umakyat nga si Moises, kasama ang lingkod niyang si Josue.

14Bago siya lumakad, sinabi niya sa mga pinuno ng Israel, “Hintayin ninyo kami rito. Kasama ninyong maiiwan sina Aaron at Hur; sila ang inyong lapitan sakaling magkaroon ng anumang usapin sa inyo.”

15Umakyat si Moises sa bundok at ito'y natakpan ng ulap.

16Ang Bundok ng Sinai ay nalukuban ng kaluwalhatian ni Yahweh; anim na araw itong nabalot ng ulap. Nang ikapitong araw, si Moises ay tinawag ni Yahweh mula sa gitna ng ulap.

17Nakita rin ng mga Israelita ang kaluwalhatian ni Yahweh na parang nagniningas na apoy sa taluktok ng bundok.

18At unti-unti siyang natakpan ng ulap habang umaakyat; nanatili siya sa bundok sa loob ng apatnapung araw at gabi.

## Exodo 25

**Mga Handog para sa Santuwaryo**
(Exo. 35:4-9)

1Sinabi ni Yahweh kay Moises,

2“Sabihin mo sa mga Israelita na maghandog sila ng kaloob sa akin at tanggapin mo ang mga buong pusong inihandog nila.

3Ito ang kanilang ihahandog: ginto, pilak, tanso;

4lanang kulay asul, kulay ube at kulay pula; mga pinong telang lino at hinabing balahibo ng kambing;

5balat ng lalaking tupa na kinulayan ng pula, mainam na balat, at kahoy na akasya;

6langis para sa ilawan at pabangong panghalo para sa langis na pampahid at para sa insenso.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Maghahandog din sila ng mga alahas na kornalina at mga mamahaling alahas na pampalamuti sa efod at sa pektoral ng pinakapunong pari.

8Ipagpagawa mo ako ng santuwaryo na titirhan kong kasama nila.

9Ang santuwaryo at ang lahat ng kagamitang ilalagay roon ay gagawin mo ayon sa planong ibibigay ko sa iyo.

### Ang Kaban ng Tipan

(Exo. 37:1-9)

10“Gumawa kayo ng isang kaban na yari sa akasya: 1.1 metro ang haba, 0.7 metro ang luwang, at 0.7 metro ang taas.

11Balutin ninyo ito ng lantay na ginto sa loob at labas, ang mga labi naman ay lagyan ninyo ng muldurang ginto.

12Gagawa rin kayo ng apat na argolyang ginto na ikakabit sa apat na paa ng kaban, tigalawa sa magkabila.

13Gumawa rin kayo ng kahoy na pampasan na yari sa akasya, babalutin din ito ng ginto

14at isuot ninyo ang mga ito sa mga argolya sa magkabilang gilid ng kaban upang maging pasanan nito.

15Huwag ninyong aalisin sa argolya ang mga pasanan.

16Ang dalawang tapyas na bato ng kasunduang ibibigay ko sa iyo ay ilalagay mo sa kaban.

17“Gumawa ka ng Luklukan ng Awa na yari sa purong ginto. Ang haba nito'y 1.1 metro, at 0.7 metro naman ang luwang.

18Lalagyan mo ng dalawang kerubing ginto ang dalawang dulo nito,

19tig-isa sa magkabilang dulo. Ihihinang ang mga kerubin upang ito at ang Luklukan ng Awa ay maging iisang piraso.

20Gawin mong magkaharap ang dalawang kerubin na parehong nakatungo, at nakabuka ang mga pakpak na nilulukuban ang Luklukan ng Awa.

21Ilalagay mo ito sa ibabaw ng kaban na kinalalagyan ng dalawang tapyas na bato ng kautusang ibibigay ko sa iyo.

22Doon tayo magtatagpo sa Luklukan ng Awa, sa pagitan ng dalawang kerubin; doon ko ibibigay sa iyo ang kautusan ko sa mga Israelita.

### Ang Mesa ng Tinapay na Handog sa Diyos

(Exo. 37:10-16)

23“Gagawa ka rin ng isang mesang yari sa akasya na 0.9 metro ang haba, 0.5 metro ang lapad, at 0.7 metro ang taas.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Balutan mo ito ng purong ginto at paligiran mo ng muldurang ginto.

25Lagyan mo ang gilid nito ng sinepa na singlapad ng isang palad at paligiran din ng muldurang ginto.

26Gumawa ka ng apat na argolyang ginto at ikabit mo sa apat na sulok, sa may tapat ng paa nito.

27Ang mga argolyang pagkakabitan ng mga kahoy na pampasan ay malapit sa sinepa.

28Gumawa rin kayo ng pampasan na yari sa akasya at babalutin din ito ng ginto.

29Gumawa rin kayo ng mga kagamitang ginto: plato, tasa, banga at mangkok para sa mga handog na inumin.

30Ang mga tinapay na handog ninyo sa akin ay ilalagay ninyo sa mesa sa harapan ko.

**Ang Lalagyan ng Ilaw**
(Exo. 37:17-24)

31"Gumawa kayo ng ilawang yari sa purong ginto. Ang patungan at tagdan nito'y yari sa pinitpit na purong ginto. Ang mga palamuti nitong bulaklak, ang buko at mga talulot ay parang iisang piraso.

32Lalagyan mo ito ng anim na sanga, tatlo sa magkabila.

33Bawat sanga'y lagyan mo ng tatlong magagandang bulaklak na parang almendra, may usbong at may talulot.

34Ang tangkay naman ay lagyan mo rin ng apat na bulaklak na tulad ng nasa sanga.

35Lalagyan mo ng usbong sa ilalim ng mga sanga, isa sa ilalim ng bawat dalawang sanga.

36Ang mga usbong, mga sanga, at ang tagdan ng ilawan ay gagawin ninyong isang piraso na gawa sa purong ginto.

37Gagawa kayo ng pitong ilaw para sa mga patungang ito. Iayos ninyo ito upang ang liwanag nito'y nasa harap ng ilawan.

38Ang pang-ipit ng mitsa at ang patungan ay dalisay na ginto rin.

39Sa lahat ng ito ay 35 kilong purong ginto ang gagamitin ninyo.

40Sundin mong mabuti ang planong ipinakita ko sa iyo sa bundok.

## Exodo 26

**Ang Tabernakulo ng Diyos**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

(Exo. 36:8-38)

1“Para sa tabernakulo, gumawa ka ng sampung pirasong tela na yari sa telang lino na ihinabi sa lanang kulay asul, kulay ube at kulay pula. Ito'y dapat burdahan ng larawan ng kerubin.

2Ang haba ng bawat piraso ay 13 metro at dalawang metro naman ang lapad.

3Pagkakabit-kabitin ninyo ito ng tiglilima.

4Ang tig-isang gilid nito'y lagyan ninyo ng silo na yari sa taling asul.

5Tiglilimampung silo ang ilagay ninyo sa bawat piraso.

6Gumawa ka ng limampung kawit na ginto at ang mga ito ang gagamitin ninyo para pagkabitin ang dalawang piraso.

7“Gumawa ka rin ng labing-isang pirasong kurtina na gawa sa balahibo ng kambing na siyang gagawing takip sa ibabaw ng tabernakulo.

8Bawat isa nito'y 13 metro ang haba at 2 metro naman ang lapad.

9Pagkabit-kabitin ninyo ang limang piraso at gayundin ang gawin sa anim na natitira. Ang ikaanim ay ilulupi at siyang ilalagay sa harap ng tolda.

10Bawat piraso ay palagyan mo ng tiglilimampung silo ang gilid.

11Gumawa ka ng limampung kawit na tanso at isuot mo sa mga silo para pagkabitin ang dalawang piraso upang maging isa lamang.

12Ang kalahating bahagi ng tabing ay ilaladlad sa likuran upang maging takip.

13Ang tig-kalahating metrong sobra sa mga tabi ay siyang takip sa gilid.

14Ito ay lalagyan pa ng dalawang patong ng pulang balat: ang ilalim ay balat ng tupang lalaki at ang ibabaw ay balat na mainam.

15“Ang tabernakulo'y igawa mo ng mga patayong haligi na gawa sa akasya;

16bawat haligi ay 4 na metro ang haba at 0.7 metro naman ang lapad.

17Bawat haligi ay lagyan mo ng tigalawang mitsa para sa pagdurugtong.

18Sa gawing timog, dalawampung haligi ang ilagay mo

19at ikabit sa apatnapung patungang pilak, dalawang patungan sa bawat haligi.

20Dalawampung haligi rin ang gawin mo para sa gawing hilaga

21at apatnapung patungan, dalawa rin sa bawat haligi.

22Sa likod naman, sa gawing kanluran ay anim na haligi ang ilagay mo

23at dalawa para sa mga sulok.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Ang mga haliging panulok ay pagkabitin mo mula sa ibaba hanggang sa may argolya sa itaas.

25Kaya, walong lahat ang haligi sa likuran at labing-anim naman ang patungan.

26“Gagawa ka rin ng pahalang na haligi na yari sa akasya, lima sa isang tabi,

27lima sa kabila, at lima sa likod, sa gawing kanluran.

28Ang mga pahalang na haliging panggitna ay abot sa magkabilang dulo ng dingding.

29Ang mga patayong haligi ay balutin mo ng ginto at kabitan ng mga argolyang ginto na pagsusuutan ng mga pahalang na haligi na binalot din ng ginto.

30Gawin mo ang tabernakulo ayon sa planong ipinakita ko sa iyo sa bundok.

31“Gumawa ka ng kurtinang yari sa puting lino at lanang asul, kulay ube at kulay pula. Burdahan mo ito ng larawan ng kerubin.

32Isabit mo ito sa mga kawit na ginto na nakakabit sa apat na haliging akasya na binalot din ng ginto at nakatindig sa apat na patungang pilak.

33Isabit mo ang tabing na ito sa tapat ng kawit sa bubong ng tabernakulo at ilagay sa likod ng tabing ang Kaban ng Tipan. Ang tabing na ito ang siyang maghihiwalay sa Dakong Banal at sa Dakong Kabanal-banalan.

34Ang Luklukan ng Awa ay ilagay mo sa ibabaw ng Kaban ng Tipan na nasa Dakong Kabanal-banalan.

35Ang mesa ay ilagay mo sa labas ng kurtina, sa gawing hilaga ng Dakong Banal at sa gawing timog naman ang patungan ng ilaw.

36“Ang pintuan ng tabernakulo'y lagyan mo ng kurtinang iba't ibang kulay na hinabi sa lanang asul, kulay ube at kulay pula, at telang lino. Ito'y buburdahan nang maganda.

37Gumawa ka ng limang posteng akasya para sa tabing. Balutin mo ito ng ginto, kabitan ng argolyang ginto at itayo sa limang tuntungang tanso.

## Exodo 27

### Ang Altar

(Exo. 38:1-7)

1“Gumawa ka ng isang altar na yari sa punong akasya; 2.2 metro ang haba, ganoon din ang lapad, at ang taas ay 1.3 metro.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[2]Ang apat na sulok niyon ay lagyan mo ng tulis na parang sungay. Gawin mo itong kaisang piraso ng altar at balutin mo ng tanso.

[3]Gumawa ka rin ng mga kagamitang tanso para sa altar: lalagyan ng abo ng sinunog na taba, ng pala, palanggana, malaking tinidor at lalagyan ng apoy.

[4]Gumawa ka rin ng parilyang tanso, at ang bawat sulok nito ay kabitan mo ng isang argolyang tanso na siyang bitbitan,

[5]at ikabit mo ang parilya sa ilalim ng tuntungan ng altar.

[6]Gumawa rin kayo ng pampasan na yari sa punong akasya at babalutin din ng tanso.

[7]Isuot mo ang mga ito sa mga argolya ng altar kung ito'y kailangang buhatin.

[8]Kaya nga't ang altar na gagawin mo ay may guwang sa gitna, ayon sa planong ipinakita ko sa iyo sa bundok.

### Ang Bulwagan ng Tabernakulo

(Exo. 38:9-20)

[9]“Ang tabernakulo'y igawa mo ng bulwagang tatabingan ng mamahaling lino sa paligid. Sa gawing timog ay 45 metro ang haba ng tabing

[10]na isasabit sa dalawampung posteng tanso na nakatindig sa dalawampung patungang tanso. Pilak naman ang mga kawit ng poste, gayon din ang mga baras na sabitan.

[11]Ang ilalagay sa gawing hilaga ay tulad din ng nasa gawing timog; 45 metro ang haba ng mga tabing na nakasabit sa dalawampung posteng tanso na nakatindig sa dalawampung patungang tanso. Pilak naman ang mga kawit ng poste, gayon din ang baras.

[12]Sa gawing kanluran naman, 22 metro ang haba ng tabing na isasabit sa sampung posteng nakatindig sa sampung patungan.

[13]Ang luwang ng harapan sa gawing silangan ay 22 metro rin.

[14]Ang isang tabi ng pintuan nito'y lalagyan ng kurtinang may habang 6.6 na metro, na nakasabit sa tatlong posteng nakapatong sa tatlong tuntungan.

[15]Ganoon din sa kabilang gilid, 6.6 na metro ang haba ng kurtinang nakasabit sa tatlong posteng may kanya-kanyang tuntungan.

[16]Ang kurtina naman sa mismong pinto ay 9 na metro ang haba, yari sa kulay asul, kulay ube at pulang lana, pinong lino na maganda ang burda. Isasabit ito sa apat na posteng nakatuntong sa apat na patungan.

[17]Lahat ng poste sa bulwagan ay pagkakabitin ng baras na pilak; pilak din ang mga kawit ngunit tanso ang mga tuntungan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[18]Ang haba ng bulwagan ay 45 metro at 22 metro naman ang luwang. Ang mga tabing na pawang yari sa mamahaling lino ay 2.2 metro ang taas; ang mga patungan ay pawang tanso.

[19]Lahat ng kagamitan sa tabernakulo, pati mga tulos ay panay tanso.

**Ang Pangangalaga sa Ilawan**
(Lev. 24:1-4)

[20]"Pagdalhin mo ang mga Israelita ng pinakamainam na langis ng olibo para sa mga ilaw upang ito'y manatiling nagniningas.

[21]Aalagaan ito ni Aaron at ng kanyang mga anak sa Toldang Tipanan. Ito'y ilalagay sa labas ng tabing, sa tapat ng Kaban ng Tipan. Hindi nila ito pababayaang mamatay mula hapon hanggang umaga at habang panahong gagawin ito ng mga Israelita at ng kanilang buong lahi.

## Exodo 28

**Ang Kasuotan ng mga Pari**
(Exo. 39:1-7)

[1]"Ipatawag mo ang kapatid mong si Aaron at ang mga anak niyang sina Nadab, Abihu, Eleazar at Itamar. Ibukod mo sila sa karamihan ng mga Israelita upang maglingkod sa akin bilang mga pari.

[2]Ipagpagawa mo ang kapatid mong si Aaron ng maganda at marangal na kasuotang nararapat sa kanyang banal na gawain.

[3]Ang mga kasuotang ito ay ipagawa mo sa mga taong binigyan ko ng kahusayan sa paggawa nito. Kailangan ito ni Aaron sa paglilingkod sa akin bilang pari.

[4]Ito ang kasuotang ipapagawa mo: pektoral, efod, abito, mahabang panloob na kasuotan, turbante at pamigkis. Ipagpagawa mo ng sagradong kasuotan si Aaron at ang mga anak niyang lalaki upang magamit nila sa paglilingkod sa akin bilang mga pari.

[5]Ang mga kasuotang ipapagawa mo ay gagamitan ng ginto, lanang asul, murado at pula, at pinong sinulid na lino.

**Ang Efod**

[6]"Ang efod ay gagawin nilang yari sa ginto, lanang kulay asul, kulay ube at kulay pula, at hinabing telang lino at buburdahan nang maganda.

[7]Palagyan mo ito ng dalawang tali sa balikat na siyang magdudugtong sa harap at likod.

[8]Kabitan ito ng pamigkis na yari din sa ginto, lanang asul, kulay ube at pula, at hinabing telang lino.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9“Kumuha ka ng dalawang batong kornalina at ipaukit mo roon ang pangalan ng labindalawang anak na lalaki ni Israel,

10tig-anim sa bawat bato ayon sa pagkakasunod ng kanilang kapanganakan.

11Ipagawa mo ito sa mahusay na platero at ipakabit mo ito sa lalagyang ginto.

12Ikakabit ito sa tali sa balikat ng efod bilang tagapagpaalala sa labindalawang anak na lalaki ni Israel. Sa ganitong paraan, dadalhin ni Aaron sa kanyang mga balikat ang mga pangalan ng labindalawang lipi ni Israel upang sila'y maalala ni Yahweh.

13“Magpapagawa ka rin ng dalawa pang patungang ginto,

14at dalawang nilubid na ginto na ikakabit mo sa dalawang patungan.

**Ang Pektoral**
(Exo. 39:8-21)

15“Gumawa ka rin ng pektoral na gagamitin ng pinakapunong pari sa pag-alam ng kalooban ni Yahweh. Buburdahan ito nang maganda, tulad ng sa efod. Ang gagamitin dito'y ginto, lanang kulay asul, kulay ube at pula, at telang lino.

16Gawin mo itong parisukat at magkataklob: 0.2 metro ang haba, at ganoon din ang lapad.

17Lagyan ito ng apat na hilera ng mga mamahaling bato. Sa unang hilera ay rubi, topaz at karbungko.

18Sa ikalawang hilera naman ay esmeralda, safiro at brilyante.

19Sa ikatlong hilera ay jacinto, agata at ametista.

20At sa ikaapat na hilera ay berilo, kornalina at jasper. Ang mga ito'y ikakabit sa patungang ginto.

21Labindalawa lahat ang batong gagamitin upang kumatawan sa labindalawang anak ni Israel. Tulad ng isang pantatak, sa bawat bato'y nakaukit nang maganda ang pangalan ng bawat anak na lalaki ni Israel.

22Gumawa ka ng dalawang maliliit na lubid na ginto at ikabit mo sa pektoral.

23Kabitan mo ito ng dalawang argolyang ginto sa mga sulok sa itaas,

24at dito itatali ang dalawang lubid na ginto.

25Ang kabilang dulo ng mga ito ay ikakabit naman sa dalawang patungang ginto na nasa tali sa balikat ng efod, sa gawing harapan.

26Kabitan mo rin ng tig-isang argolyang ginto sa magkabilang sulok sa ibaba, sa bandang loob, malapit sa efod.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Gumawa ka ng dalawa pang argolyang ginto, ikabit mo ito sa tali sa balikat ng efod, sa harapan, sa tabi ng dugtungan, sa gawing itaas ng pamigkis.

28Ang argolya ng pektoral at ang argolya ng efod ay pagkakabitin ng lubid na asul para huwag magkahiwalay.

29“Kaya, pagpasok ni Aaron sa Dakong Banal na suot ang pektoral, dala niya, sa tapat ng kanyang puso, ang pangalan ng mga lipi ng Israel upang sila'y maalala ni Yahweh.

30Ilalagay naman sa pektoral ang Urim at Tumim upang ito'y nasa tapat din ng puso ni Aaron pagharap niya kay Yahweh. Tuwing siya'y haharap kay Yahweh, dala niya sa tapat ng kanyang puso ang kagamitan sa pag-alam ng kalooban ko para sa Israel.

**Ang Iba pang Kasuotan ng Pari**

(Exo. 39:22-31)

31“Gumawa rin kayo ng damit na ilalagay sa ilalim ng efod. Ito'y yari sa telang kulay asul.

32Lalagyan ito ng butas sa suotan ng ulo at lalagyan ng tupi ang paligid ng butas tulad ng karaniwang baro, upang hindi matastas.

33Gagawa ka ng palawit na parang bunga ng punong granada na yari sa lanang kulay asul, kulay ube at kulay pula, at ikakabit mo sa laylayan. Pagkatapos, lagyan mo ng kampanilyang ginto ang pagitan ng mga palawit.

34Ang magiging ayos nito ay isang hanay ng magkasalit na kampanilya at palawit sa buong laylayan.

35Ito'y isusuot ni Aaron tuwing gaganap ng tungkulin bilang pari upang marinig ang tunog ng kampanilya tuwing siya'y papasok at lalabas sa Dakong Banal ni Yahweh. Sa gayon, hindi siya mamamatay.

36“Gumawa ka rin ng isang palamuting ginto na may nakaukit na ganito: ‘Inilaan kay Yahweh.’

37Itali mo ito ng asul na lubid sa turbante,

38sa tapat ng noo ni Aaron; siya ang magdadala ng anumang pagkukulang ng mga Israelita sa kanilang paghahandog kay Yahweh. Sa gayo'y magiging kalugud-lugod sa kanya ang kanilang mga handog.

39“Ipagpagawa mo si Aaron ng mahabang panloob na kasuotan at turbanteng yari sa telang lino at pamigkis na buburdahan nang maganda.

40“Ang mga anak naman ni Aaron ay ipagpapagawa mo ng mahabang panloob na kasuotan, pamigkis at karaniwang turbante upang sila'y maging kagalang-galang at maayos tingnan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

41Ipasuot mo ito sa kapatid mong si Aaron at sa kanyang mga anak na lalaki. Buhusan mo sila ng langis, italaga at ilaan sa paglilingkod sa akin bilang mga pari.

42Ipagpapagawa mo rin sila ng linong salawal na hanggang hita para hindi makita ang kanilang kahubaran.

43Si Aaron at ang mga anak niyang lalaki ay magsusuot nito pagpunta sa Toldang Tipanan o paglapit sa altar sa Dakong Banal para hindi magkasala at nang hindi sila mamatay. Mananatili itong tuntunin para kay Aaron at sa kanyang salinlahi.

## Exodo 29

### Hinirang sa Pagkapari sina Aaron

(Lev. 8:1-36)

1“Ganito ang gagawin mo sa paglalagay kay Aaron at sa kanyang mga anak na lalaki sa tungkulin bilang mga pari: Kumuha ka ng isang batang toro at dalawang lalaking tupa na walang kapintasan.

2Kumuha ka rin ng tinapay na walang pampaalsa, bibingkang walang pampaalsa at minasa sa langis, at manipis na tinapay na wala ring pampaalsa at pinahiran ng langis. Lahat ng ito'y kailangang yari sa pinakamainam na harinang trigo.

3Ilagay mo ito sa isang basket at ihandog sa akin, kasama ng batang toro at ng dalawang lalaking tupa.

4“Isama mo si Aaron at ang kanyang mga anak na lalaki sa pintuan ng Toldang Tipanan at maligo sila roon.

5Isuot mo sa kanya ang mahabang panloob na kasuotan, ang damit bago ang efod, ang efod at ang pektoral, saka itali ang pamigkis ng efod.

6Isuot mo kay Aaron ang turbante at ikabit rito ang koronang kinasusulatan ng katagang “Inilaan kay Yahweh”.

7Bilang pagtatalaga, kunin mo ang langis na pantalaga at buhusan mo ang kanyang ulo.

8“Pagkatapos ni Aaron, ang kanyang mga anak naman ang iyong itatalaga. Isuot mo sa kanila ang mahabang panloob na kasuotan,

9itali ang mga pamigkis sa kanilang baywang, at ilagay ang turbante sa kanilang mga ulo. Sa gayon, magiging pari sila sa bisa ng aking utos. Ganyan ang gagawin mo sa pagtatalaga kay Aaron at sa kanyang mga anak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10“Dalhin mo sa harap ng Toldang Tipanan ang batang toro. Ipapatong ni Aaron at ng kanyang mga anak ang kanilang mga kamay sa ulo ng torong ito.

11Papatayin mo ang batang toro sa harapan ni Yahweh, sa may pintuan ng Toldang Tipanan.

12Kumuha ka ng kaunting dugo nito at sa pamamagitan ng iyong daliri, pahiran mo ng dugo ang mga sungay ng altar. Ang matitirang dugo ay ibuhos mo sa paanan ng altar.

13Pagkatapos, kunin mo ang taba ng mga laman-loob, ang taba ng atay at ang dalawang bato kasama ng taba nito, at sunugin mo sa altar bilang handog.

14Ang balat, ang karne at ang dumi ay susunugin sa labas ng kampo sapagkat ito'y handog para sa kapatawaran ng kasalanan.

15“Kunin mo ang isa sa dalawang lalaking tupa at ipatong sa ulo nito ang kamay ni Aaron at ng kanyang mga anak.

16Patayin mo ang tupa, kumuha ka ng kaunting dugo at iwisik mo sa mga gilid ng altar.

17Pagkatapos, katayin mo ang tupa, hugasan ang mga laman-loob nito pati ang mga paa, at ipatong mo ito sa altar kasama ang ibang bahagi nito at ang ulo.

18Sunugin mo ang mga ito sa altar upang ang usok nito'y maging mabangong samyo para kay Yahweh.

19“Kunin mo ang isa pang tupa at ipapatong din sa ulo nito ang kamay ni Aaron at ng kanyang mga anak.

20Patayin mo ang tupa at sahurin ang dugo. Pahiran mo nito ang lambi ng kanang tainga ni Aaron at ng kanyang mga anak at ang hinlalaki ng kanang kamay at paa. Ang dugong matitira ay iwisik mo sa lahat ng gilid ng altar.

21Kumuha ka ng kaunting dugo sa altar at kaunting langis na pantalaga. Iwisik mo ito kay Aaron at sa kanyang mga anak, pati sa kanilang kasuotan. Sa ganitong paraan, siya at ang kanyang mga anak pati ang kanilang kasuotan ay nakalaan para kay Yahweh.

22“Kunin mo ang taba ng tupa: ang taba sa buntot, ang tabang nakabalot sa laman-loob, ang taba ng atay, ang dalawang bato kasama ang taba at ang kanang hita.

23Kumuha ka ng isang tinapay, isang tinapay na hinaluan ng langis, at isang manipis na tinapay. Ang mga tinapay na ito ay walang pampaalsa at nakalagay sa basket na nasa altar ni Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Lahat ng ito'y pahawakan mo kay Aaron at sa kanyang mga anak upang ialay nila bilang natatanging handog kay Yahweh.

25Pagkatapos, kunin mo ito sa kanila at sunugin sa altar, sa ibabaw ng handog na sinusunog, upang ang usok nito'y maging mabangong samyo sa akin.

26“Kunin mo ang parteng dibdib ng tupang ito, at ialay mo bilang natatanging handog kay Yahweh; ito naman ang bahaging nakalaan para sa iyo.

27“Iaalay mo bilang natatanging handog ang dibdib at ang hitang para kay Aaron at sa kanyang mga anak.

28Ito ay magiging tuntuning magpakailanman para kay Aaron at sa kanyang mga anak. Ang mga bahaging nabanggit na para sa kanila ay mula sa handog pangkapayapaan ng mga Israelita.

29“Pagkamatay ni Aaron, ang sagrado niyang kasuotan ay ibibigay sa kanyang mga anak. Ang kasuotang ito ang gagamitin nila sa panahon na sila ay italaga at buhusan ng langis.

30Pitong araw na isusuot ito ng sinumang hahalili kay Aaron pagpasok nito upang maglingkod sa Toldang Tipanan.

31“Kunin mo ang tupang ginamit sa pagtatalaga at ilaga mo ito sa isang sagradong lugar.

32Ipakain mo ito kay Aaron at sa kanyang mga anak, kasama ng tinapay na nasa basket, doon sa may pintuan ng Toldang Tipanan.

33Kakainin nila ang inihandog para sa kapatawaran ng kasalanan nang sila'y italaga. Mga pari lamang ang kakain nito sapagkat ito'y sagrado.

34Kung hindi maubos ang tupa o ang tinapay, sunugin ito kinaumagahan at huwag kakainin sapagkat ito'y sagrado.

35“Sundin mong lahat ang iniutos ko sa iyo tungkol sa pagtatalaga kay Aaron at sa kanyang mga anak; pitong araw mo itong gagawin.

36Araw-araw, maghahandog ka ng isang bakang lalaki para sa pagpapatawad ng kasalanan. Gagawin mo ito upang maalis ang kasalanan sa altar. Pagkatapos, buhusan mo ito ng langis upang maging sagrado.

37Pitong araw kang maghahandog ukol sa kasalanan at pagtatalaga. Pagkatapos, ito'y ituturing na ganap na sagrado at anumang malagay rito ay magiging sagrado.

### Ang Paghahandog Araw-araw

(Bil. 28:1-8)

38“Ganito ang gagawin mong paghahandog sa altar araw-araw: kumuha ka ng dalawang tupang isang taon ang gulang at iyong ihandog,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

39isa sa umaga, isa sa hapon.

40Ang ihahandog sa umaga ay samahan mo ng kalahating salop na pinakamainam na harinang minasa sa isang litrong langis. Maglagay ka rin ng isang litrong alak bilang handog na inumin.

41Ang ihahandog naman sa hapon ay samahan mo rin ng handog na pagkaing butil at inumin upang ang usok nito'y maging mabangong samyo para kay Yahweh.

42Ang paghahandog na ito'y gagawin ninyo habang panahon. Gaganapin ninyo ito sa harapan ko, sa may pintuan ng Toldang Tipanan. Doon ko kayo tatagpuin. Doon ako makikipag-usap sa inyo.

43Doon ko nga tatagpuin ang mga Israelita at ang pook na iyon ay pababanalin ng aking kaluwalhatian.

44Gagawin kong sagrado ang Toldang Tipanan, ganoon din ang altar, at ibubukod ko si Aaron at ang kanyang mga anak na lalaki upang maglingkod sa akin bilang mga pari.

45Ako'y makakasama nila at ako ang magiging Diyos nila.

46Makikilala nilang ako si Yahweh, ang Diyos na nagligtas sa kanila sa Egipto. Maninirahan akong kasama nila; ako si Yahweh, ang kanilang Diyos.

## Exodo 30

### Ang Altar na Sunugan ng Insenso

(Exo. 37:25-28)

1“Gumawa ka ng altar na gawa sa akasya na sunugan ng insenso.

2Gawin mo itong parisukat: 0.5 metro ang haba, gayundin ang luwang at 0.9 na metro ang taas. Ang apat na sulok nito ay lalagyan mo ng sungay na kaisang piraso ng altar.

3Balutin mo rin ng purong ginto ang ibabaw, mga gilid, at ang mga sungay nito.

4Kabitan ito ng argolyang ginto sa magkabilang gilid, at sa ibaba para pagsuutan ng pampasan

5na yari sa punong akasya at babalutin din ng ginto.

6Pagkayari, ilagay ito sa labas ng kurtina ng Kaban ng Tipan at ng Luklukan ng Awa. Dito ko kayo tatagpuin.

7Tuwing umaga na aayusin ni Aaron ang ilawan, magsusunog siya rito ng insenso.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Ganoon din ang gagawin niya kung gabi kapag inihahanda niya ang ilawan. Patuloy ninyo itong gagawin sa lahat ng inyong salinlahi.

9Huwag kayong magsusunog dito ng insensong iba sa iniuutos ko. Huwag din kayong magdadala rito ng handog na susunugin, maging hayop, pagkaing butil o inumin.

10Minsan isang taon, gaganapin ni Aaron ang seremonya sa pagpapatawad ng kasalanan. Ang apat na tulis ng altar ay papahiran ng dugo ng hayop na handog para sa kasalanan. Gawin ninyo ito habang panahon. Ang altar na ito'y ganap na sagrado at nakalaan kay Yahweh."

**Ang Buwis para sa Templo**

11Sinabi ni Yahweh kay Moises,

12"Pagkuha mo ng sensus ng mga Israelita, bawat isa'y hingan mo ng pantubos sa kanilang buhay. Ihahandog nila ito sa akin para walang kapahamakang umabot sa kanila habang ginagawa ang sensus.

13Lahat ng mabilang sa sensus ay magbabayad ng kinakailangang timbang ng pilak ayon sa timbangan ng templo (ang kinakailangang timbang ay katumbas ng 6 na gramo), bilang handog sa akin.

14Lahat ng may dalawampung taon at pataas ay isasama sa sensus.

15Pareho ang halagang ibabayad na pantubos ng mayayaman at ng mahihirap, walang labis at walang kulang.

16Lahat ng ibabayad nila ay gagamitin sa mga kailangan sa Toldang Tipanan. Ang halagang ibibigay nila'y pantubos ng kanilang buhay, at sa pamamagitan nito, maaalala ko ang mga Israelita."

**Ang Palangganang Hugasan**

17Sinabi ni Yahweh kay Moises,

18"Gumawa ka rin ng palangganang tanso at ng tansong patungan nito. Ilagay mo ito sa pagitan ng altar at ng Toldang Tipanan. Pagkatapos, lagyan mo ito ng tubig.

19Ito ang gagamitin ni Aaron at ng kanyang mga anak sa paghuhugas ng kanilang paa't kamay.

20Kailangang sila'y maghugas bago pumasok sa Toldang Tipanan o bago magsunog ng handog sa altar. Kung hindi, sila'y mamamatay.

21Kailangan ngang maghugas muna sila ng paa't kamay upang hindi sila mamatay. Ito'y tuntuning susundin nila at ng kanilang lahi habang panahon."

**Ang Langis na Pampahid at ang Insenso**

22Sinabi ni Yahweh kay Moises,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23“Pumili ka ng pinakamainam na pabango: 6 na kilong mira, 3 kilong kanela at 3 kilong mabangong tubó

24at 6 na kilong kasia ayon sa sukatang gamit sa templo. Pagkatapos, kumuha ka ng 4 na litrong langis ng olibo.

25Paghalu-haluin mo ito tulad ng ginagawa ng mahuhusay na manggagawa ng pabango at gagamitin mo itong pampahid upang

26maging sagrado ang Toldang Tipanan at ang Kaban ng Tipan,

27ganoon din ang mesa at lahat ng kagamitan nito, ang ilawan at mga kasangkapang kaugnay nito at ang altar na sunugan ng insenso.

28Pahiran mo rin ang altar na sunugan ng mga handog at mga kasangkapan nito, ang palangganang hugasan at ang patungan nito.

29Ganyan ang gagawin mo sa mga kasangkapang nabanggit upang ang mga ito'y maging ganap na sagrado; magiging sagrado rin ang lahat ng maisagi rito.

30“Pagkatapos, si Aaron naman at ang kanyang mga anak ang bubuhusan ng langis na ito upang lubos silang maitalaga bilang mga pari.

31Sabihin mo sa mga Israelita na ang langis na ito'y banal at siya ninyong gagamitin habang panahon.

32Huwag ninyo itong gagamitin sa karaniwang tao at huwag gagayahin ang paggawa nito. Ito'y banal at dapat igalang.

33Ititiwalag ang sinumang gumaya nito at ang sinumang gumamit nito sa dayuhan.”

### Ang Insenso

34Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Kumuha ka ng magkakasindaming pabango ng estacte, onise, galbano at purong insenso.

35Paghalu-haluin mo ito at gawing insenso tulad ng ginagawa ng mahusay na manggagawa ng pabangong inasinan, malinis, at banal.

36Dikdikin mo nang pino ang kaunti nito at ilagay sa harap ng Kaban ng Tipan, sa Toldang Tipanan. Ituring mo itong ganap na sagrado.

37Huwag ninyong gagayahin ito kung gagawa kayo ng insenso na pansariling gamit. Aariin ninyong ito'y bukod-tangi para kay Yahweh.

38Ititiwalag ang sinumang gumamit nito bilang pabango.”

## Exodo 31

### Ang mga Gagawa ng Tabernakulo

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

(Exo. 35:30–36:1)

1Sinabi ni Yahweh kay Moises,

2"Pinili ko si Bezalel na anak ni Uri at apo ni Hur na mula sa lipi ni Juda.

3Pinuspos ko siya ng aking Espiritu at binigyan ng kakayahan, kahusayan at katalinuhan sa lahat ng gawaing pansining.

4Ginawa ko ito upang makagawa siya ng magagandang disenyo at maiukit ito sa ginto, pilak o tanso.

5Gayundin, upang maging bihasa siya sa pagtabas ng mamahaling bato, mahusay sa paglilok, at dalubhasa sa anumang gawaing pansining.

6Pinili ko rin para makatulong niya si Aholiab, anak ni Ahisamac na mula naman sa lipi ni Dan. Binigyan ko rin ng kakayahan ang ibang mahuhusay na manggagawa upang sila ang gumawa ng lahat ng iniuutos ko sa iyo.

7Sila ang gagawa ng Toldang Tipanan, ng Kaban ng Tipan, ng Luklukan ng Awa at lahat ng kasangkapan sa tabernakulo.

8Sila rin ang gagawa ng mesang patungan ng handog na pagkaing butil at ng lahat ng kagamitan nito; ng ilawang ginto at mga kagamitan nito; ng altar na sunugan ng insenso;

9ng altar na sunugan ng mga handog at ang mga kasangkapan nito; ng palangganang hugasan at ng patungan nito.

10Sila ang gagawa ng mga kasuotan ni Aaron at ng kanyang mga anak.

11Sila rin ang maghahalo ng langis na pampahid at ng insenso para sa Dakong Banal. Sundin mong lahat ang sinasabi kong ito sa iyo."

**Ang Araw ng Pamamahinga**

12Sinabi ni Yahweh kay Moises,

13"Sabihin mo sa mga Israelita na ipangilin ang Araw ng Pamamahinga sapagkat ito ang magsisilbing palatandaan sa inyo at sa inyong mga salinlahi na kayo'y aking pinili para maging bayan ko.

14Ipangilin ninyo ang Araw ng Pamamahinga sapagkat ito'y sagrado. Papatayin ang sinumang hindi magpahalaga rito at ititiwalag ang sinumang magtrabaho sa araw na ito.

15Anim na araw kayong magtatrabaho ngunit ang ikapitong araw ay araw ng ganap na pamamahinga at nakalaan para sa akin. Papatayin ang sinumang magtrabaho sa araw na iyon.

16Ipangingilin ito ng lahat ng inyong salinlahi bilang tanda ng tipan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Ito'y isang palatandaan ko at ng bansang Israel, at ito'y mananatili habang panahon. Sapagkat sa loob ng anim na araw, nilikha ko ang langit at ang lupa at nagpahinga ako sa ikapitong araw."

18Matapos sabihin ni Yahweh kay Moises ang lahat ng ito sa Bundok ng Sinai, ibinigay niya rito ang dalawang tapyas na batong kinasusulatan ng Kautusan na si Yahweh mismo ang sumulat.

## Exodo 32

### Ang Guyang Ginto

(Deut. 9:6-29)

1Nang magtagal si Moises sa bundok, ang mga Israelita'y lumapit kay Aaron. Sinabi nila, "Igawa mo kami ng mga diyos na mangunguna sa amin. Hindi namin alam kung ano na ang nangyari sa Moises na iyan na naglabas sa amin sa Egipto."

2"Kung gayon, tipunin ninyo ang mga hikaw na ginto ng inyong asawa't mga anak at dalhin sa akin," sagot ni Aaron.

3Ganoon nga ang kanilang ginawa.

4Kinuha ni Aaron ang mga hikaw at tinunaw; ibinuhos niya sa isang hulmahan at ginawang hugis ng guya. Pagkayari, sinabi nila: "Israel, narito ang diyos mong naglabas sa iyo sa Egipto!"

5Nang ito'y makita ni Aaron, gumawa siya ng altar sa harap nito at sinabi sa mga tao, "Ipagpipista natin bukas si Yahweh."

6Kinabukasan, maaga silang bumangon at naghandog ng mga hayop at sinunog sa altar. Nagpatay pa sila ng hayop na kanilang pinagsalu-saluhan. Sila'y nagpakabusog, nag-inuman at mahalay na nagkasayahan.

7Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Balikan mo ngayon din ang mga Israelitang inilabas mo sa Egipto, sapagkat itinakwil na nila ako.

8Tinalikdan nila agad ang mga utos ko. Gumawa sila ng guyang ginto. Iyon ang sinasamba nila ngayon at hinahandugan. Ang sabi nila'y iyon ang diyos na naglabas sa kanila sa Egipto.

9Kilala ko ang mga taong iyan at alam kong matitigas ang kanilang ulo.

10Hayaan mong lipulin ko sila at ikaw at ang iyong lahi'y gagawin kong isang malaking bansa."

11Nagmakaawa si Moises kay Yahweh: "Huwag po! Huwag ninyong lilipulin ang mga taong inilabas ninyo sa Egipto sa pamamagitan ng inyong dakilang kapangyarihan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12 Kapag nilipol ninyo sila, masasabi ng mga Egipcio na ang mga Israelita'y inilabas ninyo sa Egipto upang lipulin sa kabundukan. Huwag na po kayong magalit sa kanila at huwag na ninyong ituloy ang inyong parusa sa kanila.

13 Alalahanin ninyo ang mga lingkod ninyong sina Abraham, Isaac at Jacob. Ipinangako ninyo sa kanila na ang lahi nila'y pararamihing tulad ng mga bituin sa langit at magiging kanila habang panahon ang lupang ipinangako ninyo."

14 Hindi nga itinuloy ni Yahweh ang balak na paglipol sa mga Israelita.

15 Pagkaraan noon, si Moises ay bumalik mula sa bundok dala ang dalawang tapyas na batong kinasusulatan ng mga utos.

16 Ang Diyos mismo ang gumawa ng dalawang tapyas na bato at nag-ukit ng mga utos na nakasulat doon.

17 Nang pabalik na sila, narinig ni Josue ang sigawan ng mga tao. Sinabi niya kay Moises, "May ingay ng labanan sa kampo."

18 "Ang naririnig ko'y hindi sigaw ng tagumpay o ng pagkatalo, kundi awitan," sagot ni Moises.

19 Nang sila'y malapit na sa kampo, nakita ni Moises ang guya at ang mga taong nagsasayawan. Dahil dito, nagalit siya. Ibinalibag niya sa paanan ng bundok ang mga tapyas na bato at ito'y nadurog.

20 Kinuha niya ang guya at sinunog. Pagkatapos, dinurog niya ito nang pino saka ibinuhos sa tubig at ipinainom sa mga Israelita.

21 Hinarap niya si Aaron, "Ano bang ginawa nila sa iyo at pumayag kang gawin ang malaking kasalanang ito?"

22 Sumagot si Aaron, "Huwag ka nang magalit sa akin, kapatid ko. Alam mo naman kung gaano katigas ang kanilang ulo. Ayaw nilang paawat sa paggawa ng kasamaang ito.

23 Sinabi nila sa akin na igawa ko sila ng mga diyos na mangunguna sa kanila sapagkat hindi raw nila alam kung ano na ang nangyari sa iyo.

24 Kaya't tinanong ko sila kung sino ang may ginto. Ibinigay naman nila sa akin ang mga alahas, tinunaw ko sa apoy at lumabas ang guyang iyon."

25 Nakita ni Moises na nagkakagulo ang mga tao sapagkat sila'y pinabayaan ni Aaron na sumamba sa diyus-diyosan. At naging katawatawa sila sa paningin ng mga kaaway na nakapaligid.

26 Kaya't tumayo si Moises sa pintuan ng kampo at sumigaw, "Lumapit sa akin ang lahat ng nasa panig ni Yahweh!" At lumapit sa kanya ang mga Levita.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Sinabi niya sa kanila, “Ipinapasabi ni Yahweh, ng Diyos ng Israel: ‘Kunin
ninyo ang inyong mga tabak, galugarin ninyo ang buong kampo at patayin
ang lahat ng inyong makita, maging kapatid, kaibigan o sinuman.’”

28Sinunod ng mga Levita ang utos ni Moises at may tatlong libong katao ang
napatay nila nang araw na iyon.

29Sinabi ni Moises, “Ngayo'y inilaan ninyo ang inyong mga sarili sa
paglilingkod kay Yahweh dahil sa pagkapatay ninyo sa inyong mga anak at
mga kapatid. Kaya, tatanggapin ninyo ngayon ang kanyang pagpapala.”

30Kinabukasan, sinabi ni Moises sa mga tao, “Napakalaki ng nagawa ninyong
kasalanan. Aakyat ako ngayon sa bundok at mananalangin kay Yahweh,
baka sakaling maihingi ko kayo ng tawad.”

31Umakyat nga sa bundok si Moises at nanalangin kay Yahweh. Sinabi niya,
“Napakalaking pagkakasala ang nagawa ng mga tao; gumawa sila ng diyus-
diyosang ginto.

32Ipinapakiusap ko pong patawarin na ninyo sila. Kung hindi ninyo sila
mapapatawad, burahin na rin ninyo sa inyong aklat ang aking pangalan.”

33Sumagot si Yahweh, “Kung sino ang nagkasala sa akin ay siya kong
buburahin sa aking aklat.

34Ngayon, pangunahan mo sila sa lugar na sinabi ko sa iyo at papatnubayan
kayo ng aking anghel. Ngunit darating ang araw na paparusahan ko ang mga
Israelita dahil sa kanilang mga kasalanan.”

35At pinadalhan ni Yahweh ng sakit ang mga tao sapagkat pinagawa nila ng
guya si Aaron.

# Exodo 33

### Nagpatuloy ng Paglalakbay ang Israel

1Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Umalis na kayo rito at magtuloy sa lupaing
aking ipinangako kina Abraham, Isaac at Jacob na ibibigay ko sa kanilang
lahi.

2-3Ang pupuntahan ninyo'y isang mayaman at masaganang lupain.
Pauunahin ko sa inyo ang isang anghel upang palayasin ang mga Cananeo,
Amoreo, Heteo, Perezeo, Hivita at Jebuseo. Hindi ako ang sasama sa inyo
at baka malipol ko lamang kayo sa daan dahil sa katigasan ng inyong ulo.”

4Nang malaman ito ng mga Israelita, labis silang nalungkot at isa ma'y walang
nagsuot ng alahas.

5Sapagkat sinabi ni Yahweh kay Moises, “Sabihin mo sa mga Israelita na
matitigas ang ulo nila. Baka kung ako ang sasama sa kanilang paglalakbay

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ay malipol ko lang sila. Ipaalis mo ang kanilang mga alahas, at pagkatapos ay magpapasya ako kung ano ang gagawin ko sa kanila."

6Kaya't mula sa Bundok ng Sinai, hindi na sila nagsuot ng alahas.

### Ang Toldang Tipanan

7Nakaugalian na ni Moises na itayo ang tabernakulo sa isang lugar na malayu-layo sa kampo; tinawag iyong Toldang Tipanan ng Diyos at ng mga tao. Doon pumupunta ang sinumang nais sumangguni kay Yahweh.

8Tuwing papasok doon si Moises, ang mga Israelita'y tumatayo sa pintuan ng kanilang tolda at tinitingnan siya hanggang sa siya'y makapasok.

9Kapag nasa loob na si Moises, bumababa naman sa may pinto ng Toldang Tipanan ang haliging ulap at mula roo'y makikipag-usap sa kanya si Yahweh.

10Kapag nakita ng mga Israelita na nasa pintuan ng Tolda ang haliging ulap, pumupunta naman sila sa pintuan ng kanilang tolda at doo'y yumuyuko at sumasamba.

11Ang pakikipag-usap ni Yahweh kay Moises ay harap-harapan, tulad ng pakikipag-usap sa kaibigan. Pagkatapos, si Moises ay bumabalik na sa kampo ngunit naiiwan sa Tolda si Josue, ang lingkod niya.

### Nangako si Yahweh na Sila'y Papatnubayan

12Sinabi ni Moises kay Yahweh, "Iniutos ninyo sa aking pangunahan ko ang bayang ito papunta sa lupaing ipinangako ninyo. Ngunit hindi ninyo sinabi kung sino ang makakatulong ko. Sinabi pa ninyong nalulugod po kayo sa akin at kilalang-kilala ninyo ako.

13Kung ito'y totoo, ipinapakiusap kong sabihin ninyo sa akin ang inyong mga balak gawin para malaman ko upang patuloy kayong malulugod sa akin. Alalahanin din ninyo na ang bayang Israel ay inyo."

14"Sasamahan ko kayo at bibigyan ko kayo ng kapayapaan," sagot ni Yahweh.

15Sinabi ni Moises, "Kung hindi ninyo kami sasamahan, huwag na po ninyo kaming paalisin dito.

16Sapagkat kung hindi kayo sasama sa amin, paano malalaman ng lahat na kami po ay inyong kinalulugdan? Kung sasama kayo sa amin, maliwanag na kami'y naiiba sa lahat ng mga bansa."

17"Sige, gagawin ko ang hiling mo sapagkat ako'y nalulugod sa iyo at kilalang-kilala kita," sabi ni Yahweh.

18Kaya't hiniling ni Moises, "Yahweh, ipakita po ninyo sa akin ang inyong kaluwalhatian!"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[19]“Makikita mong lahat ang aking kaluwalhatian at bibigkasin ko sa iyo ang aking pangalan: Yahweh. Mahahabag ako sa nais kong kahabagan at maaawa ako sa nais kong kaawaan,

[20]ngunit hindi mo maaaring makita ang aking mukha sapagkat tiyak na mamamatay ang sinumang makakita niyon.

[21]Dito sa tabi ko'y may matatayuan kang bato.

[22]Pagdaan ng aking maningning na kaluwalhatian, ipapasok kita sa siwang ng batong ito at tatakpan kita ng aking kamay.

[23]Pagkalampas ko'y aalisin ko na ang aking kamay at makikita mo ang likod ko, ngunit hindi ang aking mukha,” sagot ni Yahweh.

## Exodo 34

### Ang Pangalawang Tapyas na Bato

(Deut. 10:1-5)

[1]Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Tumapyas ka ng dalawang batong tulad noong una at isusulat ko roon ang nasa mga tapyas na batong binasag mo.

[2]Bukas, gumayak ka nang maaga at magpunta ka sa akin sa taluktok ng Bundok ng Sinai.

[3]Huwag kang magsasama kahit sino. Walang pupunta isa man sa bundok at ni isang tupa o baka ay huwag hahayaang manginain doon.”

[4]Tulad ng sinabi ni Yahweh, si Moises ay tumapyas ng dalawang bato at dinala ang mga ito kinaumagahan sa Bundok ng Sinai.

[5]Si Yahweh ay bumabâ sa ulap, tumayo sa tabi ni Moises at binanggit ang kanyang pangalan: Yahweh.

[6]Si Yahweh ay nagdaan sa harapan ni Moises at sinabi niya, “Akong si Yahweh ay mahabagin at mapagmahal. Hindi ako madaling magalit; patuloy kong ipinadarama ang aking pag-ibig at ako'y nananatiling tapat.

[7]Tinutupad ko ang aking pangako maging sa libu-libo, at patuloy kong ipinapatawad ang kanilang kasamaan, pagsuway at pagkakasala. Ngunit hindi ko pinalalampas ang kasalanan ng ama at ang pagpaparusa ko'y hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi.”

[8]At mabilis na lumuhod si Moises, at sumamba kay Yahweh.

[9]Sinabi niya, “Kung talagang kinalulugdan ninyo ako, isinasamo kong samahan ninyo kami kahit na po matigas ang ulo ng lahing ito. Patawarin na ninyo kami at tanggapin bilang inyong bayan.”

### Inulit ang Tipan

(Exo. 23:14-19; Deut. 7:1-5; 16:1-17)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10 Sinabi ni Yahweh, “Makikipagkasundo akong muli sa bayang Israel. Sa harapan nilang lahat ay gagawa ako ng mga himalang hindi pa nangyayari sa daigdig kahit kailan. Dahil dito, makikita ng mga Israelita kung gaano ako kadakila.

11 Sundin ninyo ang mga iniutos ko ngayon at palalayasin ko sa pupuntahan ninyo ang mga Amoreo, Cananeo, Heteo, Perezeo, Hivita at mga Jebuseo.

12 Huwag kayong gagawa ng kasunduan sa mga daratnan ninyo roon sapagkat iyon ang magiging patibong na ikapapahamak ninyo.

13 Sa halip, sirain ninyo ang kanilang mga altar, durugin ninyo ang mga batong ginagamit nila sa kanilang pagsamba at ibuwal ang mga haliging kinikilala nilang sagrado.

14 “Huwag kayong sasamba sa ibang diyos sapagkat akong si Yahweh ay mapanibughuing Diyos.

15 Huwag kayong gagawa ng kasunduan sa mga tagaroon. Baka mahikayat nila kayong kumain ng mga handog sa kanilang mga diyus-diyosan kapag sila'y sumasamba sa mga ito.

16 Huwag ninyong hahayaan na ang mga anak ninyong lalaki ay mag-asawa ng babaing tagaroon. Baka mahikayat sila ng mga ito na maglingkod sa kanilang mga diyus-diyosan.

17 “Huwag kayong gagawa ng diyus-diyosang metal at sasamba sa mga ito.

18 “Ipagdiwang ninyo ang Pista ng Tinapay na Walang Pampaalsa. Tulad ng sinabi ko sa inyo, pitong araw kayong kakain ng tinapay na walang pampaalsa sa unang buwan sapagkat iyon ang buwan ng pag-alis ninyo sa Egipto.

19 “Akin ang lahat ng panganay na lalaki, maging tao o hayop.

20 Ang panganay na asno ay tutubusin ninyo ng tupa. Kung ayaw ninyong palitan, baliin ninyo ang leeg. Tutubusin din ninyo ng tupa ang mga panganay ninyong lalaki. Huwag kayong haharap sa akin nang walang dalang handog.

21 “Anim na araw kayong magtatrabaho, ngunit sa ikapitong araw kayo'y magpapahinga maging ito ma'y panahon ng pagbubungkal ng lupa o ng pag-aani.

22 “Ipagdiriwang ninyo ang Pista ng mga Sanlinggo, ang unang pag-aani ng trigo, gayon din ang Pista ng mga Tolda tuwing matatapos ang taon.

23 “Tatlong beses isang taon, ang mga lalaking Israelita ay haharap sa Panginoong Yahweh, ang Diyos ng Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[24]Kapag napalayas ko na ang mga taong daratnan ninyo at lubusan na ninyong nasakop ang kanilang lupain, wala nang sasalakay sa inyo sa mga araw na kayo'y haharap sa akin.

[25]“Huwag ninyong sasamahan ng tinapay na may pampaalsa ang hayop na ihahandog ninyo sa akin. Huwag din kayong magtitira ng anumang bahagi ng hayop na pinatay para sa Pista ng Paskwa.

[26]“Dadalhin ninyo bilang handog sa bahay ni Yahweh na inyong Diyos ang inyong mga pinakamainam na unang ani ng inyong bukirin. “Huwag kayong maglalaga ng tupa o batang kambing sa gatas ng sarili nitong ina.”

[27]Pagkatapos noon, sinabi niya kay Moises, “Isulat mo ang mga sinabi ko sapagkat ito ang mga tuntunin ng pakikipagtipan ko sa iyo at sa Israel.”

[28]Si Moises ay apatnapung araw at apatnapung gabing kasama ni Yahweh, hindi kumakain o umiinom. Isinulat ni Yahweh sa mga tapyas na bato ang mga tuntunin ng tipan, ang sampung utos.

### Bumabâ sa Bundok si Moises

[29]Mula sa Bundok ng Sinai, bumabâ si Moises na dala ang dalawang tapyas na batong kinasusulatan ng mga utos. Hindi niya namamalayan na dahil sa pakikipag-usap niya kay Yahweh ay nagniningning pala ang kanyang mukha.

[30]Nang makita ito ni Aaron at ng mga Israelita, natakot silang lumapit.

[31]Ngunit tinawag sila ni Moises. Lumapit naman si Aaron at ang mga namumuno sa Israel at sila'y nag-usap.

[32]Pagkaraan noon, lumapit kay Moises ang lahat ng Israelita at sinabi niya sa kanila ang mga utos na ibinigay sa kanya ni Yahweh sa Bundok ng Sinai.

[33]Pagkasabi nito, tinalukbungan ni Moises ang kanyang mukha.

[34]Tuwing makikipag-usap at haharap siya sa presensya ni Yahweh, inaalis niya ang takip ng kanyang mukha. Paglabas dito, sinasabi niya sa mga tao kung ano ang iniuutos ni Yahweh,

[35]at makikita na naman nila na nagniningning ang kanyang mukha. Kaya't tatakpan niya muli ito hanggang sa muli niyang pakikipag-usap kay Yahweh.

## Exodo 35

### Ang mga Tuntunin sa Araw ng Pamamahinga

[1]Tinipon ni Moises ang buong Israel at kanyang sinabi, “Ito ang iniuutos sa inyo ni Yahweh:

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Anim na araw kayong magtatrabaho, ngunit ang ikapitong araw ay Araw ng Pamamahinga na nakalaan sa akin. Papatayin ang sinumang magtrabaho sa araw na iyon.

3Sa Araw ng Pamamahinga, huwag kayong magsisindi ng apoy sa lahat ng inyong mga tahanan."

### Ang mga Handog para sa Santuwaryo

(Exo. 25:1-9)

4Sinabi ni Moises sa mga Israelita, "Ito ang iniuutos ni Yahweh:

5Maghandog kayo kay Yahweh. Ito ang maaari ninyong ihandog: ginto, pilak at tanso;

6lanang kulay asul, kulay ube, at kulay pula. Gayundin ng pinong sinulid na lino, at balahibo ng kambing,

7balat ng lalaking tupa na kinulayan ng pula, mainam na balat, at kahoy na akasya,

8langis para sa ilawan, pabangong panghalo sa langis na pampahid at sa insenso.

9Maghahandog din sila ng mga alahas na kornalina at mamahaling alahas na pampalamuti sa efod at sa pektoral ng pinakapunong pari."

### Ang mga Kagamitan sa Toldang Tipanan

(Exo. 39:32-43)

10"Tipunin mo ang lahat ng mahuhusay na manggagawa at sila ang pagawin

11ng tabernakulo, ng tolda at ng mga tabing nito, ng mga kawit at ng mga patayo at pahalang na balangkas, ng mga tukod at ng mga patungan nito.

12Sila rin ang gagawa ng Kaban ng Tipan at ng mga pasanan nito, gayundin ng Luklukan ng Awa at ng tabing nito.

13Sila rin ang gagawa ng mesa, ng mga paa at lahat ng kagamitan nito, ng lalagyan ng tinapay na ihahandog sa Diyos,

14ng ilawan, ng mga kagamitan nito, ng mga ilaw at langis para rito.

15Sila rin ang gagawa ng altar na sunugan ng insenso, pati ang mga pasanan nito, ang langis na pampahid, ang mabangong insenso at ng kurtinang ilalagay sa pintuan ng tabernakulo,

16ng altar na sunugan ng mga handog, ng parilyang tanso, ng mga pasanan at ng mga kagamitang kasama ng altar, ng palanggana at ng patungan nito.

17Sila rin ang gagawa ng mga tabing ng bulwagan, ng mga tukod na pagkakabitan, at ng mga patungan ng tukod pati ng kurtina sa pintuan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Sila rin ang gagawa ng tulos, ng mga lubid na gagamitin sa tabernakulo at sa mga tabing,

19ng mamahaling kasuotan ng mga pari na gagamitin pagpasok nila sa Dakong Banal—ng mga damit na gagamitin ni Aaron at ng kanyang mga anak sa kanilang paglilingkod sa akin bilang mga pari."

**Dinala ang mga Handog**

20Ang mga Israelita'y nagbalikan na sa kani-kanilang tolda.

21Lahat ng nais tumulong ay naghandog kay Yahweh ng inaakala nilang magagamit sa paggawa ng Toldang Tipanan, ng mga kagamitan sa pagsamba at ng kasuotan ng mga pari.

22Babae't lalaki ay naghandog. May nagdala ng pulseras, hikaw, singsing, kuwintas at iba pang alahas na ginto. Dinala ng bawat isa ang kanyang alahas na ginto at inihandog kay Yahweh.

23May naghandog din ng lanang kulay asul, kulay ube at pula, ng telang lino, telang yari sa balahibo ng kambing, pinapulang balat ng tupa at balat ng kambing.

24Ang iba nama'y naghandog ng pilak o tansong kagamitan, at ng kahoy na akasya para sa tabernakulo.

25Ang mga babae namang marunong sa pagsisinulid ay gumawa ng sinulid na lanang asul, kulay ube at pula, gayundin ng pinong lino, at ito ang kanilang ipinagkaloob.

26May gumawa rin ng sinulid mula sa balahibo ng kambing.

27Ang mga pinuno ay naghandog ng kornalina, mga alahas na ipapalamuti sa efod at sa pektoral ng pinakapunong pari.

28May nagdala naman ng langis para sa ilawan, ng pabangong ihahalo sa langis na pantalaga at sa insenso.

29Lahat ng Israelita, lalaki at babae na handang tumulong ay nagdala ng handog kay Yahweh para sa ipinagagawa niya kay Moises.

**Ang mga Gagawa sa Toldang Tipanan**

(Exo. 31:1-11)

30Sinabi ni Moises sa mga Israelita, "Pinili ni Yahweh si Bezalel na anak ni Uri at apo ni Hur, buhat sa lipi ni Juda.

31Siya'y pinuspos niya ng Espiritu ng Diyos at binigyan ng kakayahan, kahusayan, at katalinuhan sa lahat ng gawaing pansining.

32Ginawa niya ito upang makagawa siya ng magagandang disenyo at maiukit ito sa ginto, pilak o tanso.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[33]Gayundin, upang maging bihasa siya sa pagtabas ng mamahaling bato, mahusay sa paglilok, at dalubhasa sa anumang gawaing pansining.

[34]Siya at si Aholiab, anak ni Ahisamac na mula sa lipi ni Dan, ay binigyan ni Yahweh ng kakayahan para maituro nila sa iba ang kanilang nalalaman.

[35]Sila'y binigyan niya ng pambihirang kakayahang gumawa ng gawain ng mga dalubhasang mag-uukit, taga-disenyo, pangkaraniwang manghahabi at ng manghahabi ng lanang asul, kulay ube at pula at ng pinong lino. Kaya nilang gawin ang anumang uri ng gawain.

## Exodo 36

[1]"Si Bezalel, si Aholiab at ang lahat ng manggagawang binigyan ni Yahweh ng kaalaman at kakayahan ang gagawa ng lahat ng kailangan sa santuwaryo, ayon sa sinabi ni Yahweh."

### Marami ang Handog ng mga Israelita

[2]Tinawag ni Moises sina Bezalel, Aholiab, ang lahat ng binigyan ng kakayahan ni Yahweh at ang lahat ng nais tumulong at pinagsimula nang magtrabaho.

[3]Ibinigay niya sa kanila ang lahat ng handog ng mga Israelita para sa gagawing santuwaryo. Patuloy pa rin sa paghahandog ang mga Israelita tuwing umaga,

[4]kaya't nagpunta kay Moises ang mga manggagawa.

[5]Sinabi nila, "Napakarami na po ang ibinigay ng mga tao ngunit patuloy pa rin silang nagdadala."

[6]Kaya iniutos ni Moises, "Huwag na kayong magdala pa ng kaloob para sa gagawing santuwaryo." Noon lamang tumigil ang mga tao sa pagdadala ng handog.

[7]Gayunman, sumobra pa rin ang mga handog na naroon.

### Ang Paggawa ng Toldang Tipanan

(Exo. 26:1-37)

[8]Lahat ng pinakamahusay na manggagawa ang gumawa sa Toldang Tipanan. Ang ginamit dito ay sampung pirasong kurtina na hinabi sa pinong lino at lanang kulay asul, kulay ube at pula na may burdang larawan ng kerubin.

[9]Ang haba ng bawat piraso ay 13 metro at 2 metro naman ang lapad.

[10]Ang mga ito ay pinagkabit-kabit nila nang tiglilima.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[11]Gumawa sila ng mga silo na yari sa taling asul at ikinabit sa gilid ng bawat piraso,

[12]tiglilimampung silo bawat isa.

[13]Gumawa sila ng limampung kawit na ginto at sa pamamagitan nito'y pinagkabit ang dalawang piraso. Kaya ang sampung pirasong damit na ginamit sa tabernakulo ay parang isang piraso lamang.

[14]Pagkatapos, gumawa sila ng labing-isang pirasong kurtina na gawa sa balahibo ng kambing upang gawing takip sa ibabaw ng tabernakulo.

[15]Bawat isa nito'y 13 metro ang haba at 2 metro naman ang lapad.

[16]Pinagkabit-kabit nila ang limang piraso; ganoon din ang anim na natira.

[17]Kinabitan nila ng tiglilimampung silo ang gilid ng bawat piraso.

[18]Pagkatapos, gumawa sila ng limampung kawit na tanso at sa pamamagitan nito'y pinagkabit nila ang dalawang piraso para maging isa lamang.

[19]Tinakpan nila ito ng pinapulang balat ng tupa at pinatungan pa ng balat ng kambing.

[20]Gumawa rin sila ng mga patayong haliging gawa sa akasya para sa tabernakulo.

[21]Bawat haligi ay 4 na metro ang haba at 0.7 metro naman ang lapad.

[22]Bawat haligi ay nilagyan nila ng mitsa para sa pagdurugtong.

[23]Dalawampung haligi ang ginawa nila para sa gawing timog

[24]at apatnapung patungang pilak na may suotan ng mitsa.

[25]Dalawampu rin ang ginawa nilang haligi sa gawing hilaga

[26]at apatnapung patungang pilak din, dalawa sa bawat haligi.

[27]Para sa likod, sa gawing kanluran ay anim na haligi

[28]at dalawa naman para sa mga sulok.

[29]Ang mga haligi sa magkabilang sulok ay magkadikit mula ibaba hanggang itaas, sa may unang argolya.

[30]Samakatuwid, walo ang haliging nagamit sa likod at may tigalawang patungang pilak ang bawat isa.

[31]Gumawa rin siya ng pahalang na balangkas na yari sa akasya, lima sa isang gilid,

[32]lima sa kabila at lima rin sa likod.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

33Ang pahalang na haliging panggitna ay abot sa magkabilang gilid ng dingding.

34Binalot nila ng ginto ang mga haligi at kinabitan ng argolyang ginto na pagsusuutan ng mga pahalang na haligi na binalot din ng ginto.

35Gumawa rin sila ng kurtinang yari sa pinong lino at lanang kulay asul, kulay ube at pula; ito'y binurdahan nila ng larawan ng kerubin.

36Gumawa sila ng apat na haliging akasya na kabitan ng tabing. Binalot nila ito ng ginto, kinabitan ng kawit na ginto rin at itinayo sa apat na tuntungang pilak.

37Para sa pintuan, gumawa sila ng kurtinang yari sa pinong lino at lanang kulay asul, kulay ube at pula at binurdahan nang maganda.

38Gumawa sila ng limang posteng pagsasabitan ng kurtina. Kinabitan nila iyon ng mga kawit, ang dulo'y binalot ng ginto, gayundin ang mga haligi at itinayo sa limang tuntungang tanso.

## Exodo 37

### Ang Kaban ng Tipan
(Exo. 25:10-22)

1Yari sa akasya ang ginawa ni Bezalel na Kaban ng Tipan: 1.1 metro ang haba, 0.7 metro ang luwang, at 0.7 metro ang taas.

2Binalot niya ng ginto ang loob at labas, at ang labi nito'y nilagyan nila ng muldurang ginto.

3Gumawa siya ng apat na argolyang ginto at ikinabit sa apat na paa ng kaban, tigalawa sa magkabila.

4Gumawa rin siya ng kahoy na pampasan na yari sa akasya at binalutan din niya ito ng ginto.

5Isinuot niya ang mga ito sa mga argolya sa magkabilang gilid upang maging pasanan nito.

6Ginawa rin niya ang Luklukan ng Awa na yari sa purong ginto. Ang haba nito'y 1.1 metro, at 0.7 metro naman ang luwang.

7Ang magkabilang dulo nito ay iginawa niya ng dalawang kerubing yari sa purong ginto,

8tig-isa sa magkabilang dulo. Ikinabit niya itong mabuti sa Luklukan ng Awa, kaya ito at ang mga kerubin ay naging isang piraso.

9Magkaharap ang mga kerubin at nakatungo sa Luklukan ng Awa. Nakabuka ang kanilang mga pakpak at nakalukob dito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang Mesa ng Tinapay na Handog sa Diyos
(Exo. 25:23-30)

10Gumawa rin ng mesang akasya si Bezalel; 0.9 na metro ang haba nito, 0.5 metro ang lapad at 0.7 metro ang taas.

11Binalot niya ito ng ginto at pati na ang paligid.

12Nilagyan niya ito ng sinepa na singlapad ng isang palad at pinaligiran din ng ginto.

13Gumawa siya ng apat na argolyang ginto at ikinabit sa apat na sulok, sa may tapat ng paa nito.

14Ang mga argolyang pagkakabitan ng mga kahoy na pampasan ay malapit sa sinepa.

15Iginawa rin niya ang mesa ng mga pampasan na yari sa akasya at binalutan din ng ginto.

16Gumawa rin siya ng mga kagamitang ginto para sa mesa: mga plato, tasa, banga at mangkok para sa handog na inumin.

### Ang Ilawan
(Exo. 25:31-40)

17Gumawa rin siya ng ilawang yari sa purong ginto. Ang patungan at tagdan nito'y yari sa pinitpit na purong ginto. Ang mga palamuti nitong bulaklak, ang buko at mga talulot ay parang iisang piraso.

18Mayroon itong anim na sanga, tigatlo sa magkabila.

19Bawat sanga ay may tatlong magagandang bulaklak na parang almendra, may usbong at may talulot.

20Ang tagdan ay may tig-apat ding bulaklak na tulad ng nasa sanga.

21May tig-iisang usbong sa ilalim ng mga sanga, isa sa ilalim ng bawat sanga.

22Ang mga usbong, mga sanga at ang tagdan ng ilawan ay iisang piraso na gawa sa purong ginto.

23Ang ilawan ay iginawa niya ng pitong ilaw na may kasamang pang-ipit ng mitsa at patungan na pawang dalisay na ginto.

24Ang nagamit sa ilawan ay tatlumpu't limang kilong purong ginto.

### Ang Paggawa sa Altar na Sunugan ng Insenso
(Exo. 30:1-5)

25Gumawa siya ng altar na sunugan ng insenso. Ito ay yari sa punong akasya. Ito ay parisukat, 0.5 metro ang haba, gayundin ang lapad at 0.9 na metro ang taas. Ang apat na sulok nito ay nilagyan niya ng sungay na kaisang piraso ng altar.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Binalutan niya ang ibabaw nito ng purong ginto. Ang mga gilid at ang mga sungay ay binalot din ng ginto.

27Gumawa siya ng dalawang argolyang ginto at ikinabit sa magkabilang gilid sa ibaba para pagsuutan ng pampasan.

28Gumawa rin siya ng pampasan na yari sa punong akasya at ito'y binalot din ng ginto.

**Ang Langis na Pampahid at ang Insenso**
(Exo. 30:22-38)

29Si Bezalel din ang naghalo ng sagradong langis na pampahid at ng purong insenso at ito'y parang ginawa ng isang dalubhasa sa paggawa ng pabango.

## Exodo 38

**Ang Altar**
(Exo. 27:1-8)

1Akasya rin ang ginamit ni Bezalel sa paggawa ng altar na sunugan ng handog. Ito'y parisukat, 2.2 metro ang haba, ganoon din ang lapad, at 1.3 metro naman ang taas.

2Ang mga sulok nito'y nilagyan niya ng sungay na kaisang piraso ng altar, at binalot ng tanso.

3Si Bezalel din ang gumawa ng mga kagamitang tanso para sa altar: palayok, pala, palanggana, malaking tinidor at lalagyan ng apoy.

4Gumawa rin siya ng parilyang tanso at ikinabit sa ilalim ng baytang, sa kalahatian ng altar.

5Gumawa siya ng apat na argolya at ikinabit sa apat na sulok ng parilya, para pagsuutan ng pampasan.

6Akasya rin ang ginawa niyang pampasan. Binalot niya ito ng tanso

7at isinuot sa mga argolya sa gilid ng altar. Tabla ang ginamit niya sa paggawa ng altar at ito'y may guwang sa loob.

**Ang Palangganang Tanso**
(Exo. 30:18)

8Gumawa nga siya ng palangganang tanso, at tanso rin ang patungan. Ang ginamit niya rito ay tansong ginagamit bilang salamin ng mga babaing tumutulong sa mga naglilingkod sa pintuan ng Toldang Tipanan.

**Ang Bulwagan ng Toldang Tipanan**
(Exo. 27:9-19)

9Pagkatapos, ginawa niya ang bulwagan na pinaligiran niya ng mamahaling telang lino. Sa gawing timog ay 45 metro ang haba ng tabing

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10at ito'y ikinabit niya sa dalawampung posteng tanso na itinayo sa dalawampung tuntungang tanso rin. Pilak naman ang mga kawit at ang sabitang baras na ginamit niya.

11Gayundin ang ginawa niya sa gawing hilaga: 45 metro ang mga tabing na ikinabit sa dalawampung posteng tanso na itinayo sa dalawampung tuntungang tanso; pilak naman ang mga kawit at baras na ginamit dito.

12Sa gawing kanluran naman, 22 metro ang haba ng tabing na isinabit niya sa sampung posteng nakatindig sa sampung tuntungan. Ang mga kawit at baras ay gawa sa pilak.

13Ang luwang ng harapan ng bulwagan sa gawing silangan ay 22 metro.

14Sa isang gilid ng pintuan ay nilagyan ng kurtinang 6.6 na metro ang haba, na nakasabit sa tatlong posteng nakapatong sa tatlong tuntungan.

15Ganoon din sa kabilang gilid. Kaya ang dalawang gilid ng pintuan ay may tig-isang kurtinang 6.6 na metro ang haba, na nakasabit sa tatlong posteng nakapatong sa kanya-kanyang tuntungan.

16Lahat ng tabing ng bulwagan ay mamahaling telang lino.

17Tanso ang tuntungan ng mga poste at pilak naman ang mga kawit ng poste, gayundin ang mga haligi.

18Ang kurtina sa may pintuan ay mamahaling lino at lanang kulay asul, kulay ube at kulay pula. Magandang-maganda ang burda nito. Ang haba't lapad nito'y 9 na metro, samantalang 2 metro naman ang taas, tulad ng tabing sa bulwagan.

19Ito'y nakasabit sa apat na posteng nakapatong sa apat na tuntungang tanso. Ang mga kawit nito at balot ay pawang pilak.

20Tanso naman ang mga tulos na ginamit sa Toldang Tipanan at sa tabing ng bulwagan.

### Ang mga Metal na Ginamit sa Tabernakulo

21Ito ang listahan ng mga metal na ginamit sa tabernakulo na pinaglagyan sa Kaban ng Tipan. Ang listahang ito'y ipinagawa ni Moises sa mga Levita sa pangunguna ni Itamar na anak ni Aaron.

22Lahat ng iniutos ni Yahweh kay Moises ay ginawa ni Bezalel na anak ni Uri at apo ni Hur, buhat sa lipi ni Juda.

23Ang pangunahin niyang katulong na si Aholiab ay anak ni Ahisamac at buhat naman sa lipi ni Dan. Siya ay mahusay mag-ukit, isang taga-disenyo at manghahabi ng pinong lino at lanang kulay asul, kulay ube at kulay pula.

24Lahat ng gintong ginamit sa santuwaryo ay umabot sa 1,000 kilo ayon sa timbangan sa templo. Ang lahat ng ito'y handog kay Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Ang pilak namang ibinigay ng mga taong napabilang sa sensus ay umabot
sa 3,430 kilo, ayon din sa timbangan sa templo.

26Ang mga ito ang kabuuan ng lahat ng inihandog ng mga napabilang sa
sensus, na umabot naman sa 603,550 katao, mula sa dalawampung taon
pataas. Bawat isa'y nagbigay ng kaukulang halaga ayon sa timbangan sa
santuwaryo.

27Ang pilak na nagamit sa mga tuntungan ng santuwaryo at tabing ng
bulwagan ay 3,400 kilo: 100 tuntungan na tig-34 na kilo.

28Ang 30 kilo ay ginamit sa mga kawit ng poste, sa mga dulo nito at sa mga
haligi.

29Ang tansong inihandog kay Yahweh ay umabot naman sa 2,425 kilo.

30Ito ay ginamit sa mga tuntungan sa pintuan ng Toldang Tipanan, sa altar at
sa parilyang tanso gayundin sa lahat ng gamit sa altar,

31sa tuntungan sa paligid ng patyo, at tuntungan ng poste ng pinto, at sa lahat
ng tulos na ginamit sa paligid ng tabernakulo.

## Exodo 39

**Ang Kasuotan ng mga Pari**

(Exo. 28:1-43)

1Ginawa nila ang kasuotan ni Aaron ayon sa iniutos ni Yahweh kay Moises.
Lanang kulay asul, kulay ube at pula ang ginamit nila sa kasuotan ng mga
pari.

2Mainam na lino, lanang kulay asul, kulay ube at kulay pula ang ginamit nila
sa efod.

3Ang ginto ay pinitpit nila nang manipis at ginupit nang pino na parang sinulid,
at inihalo sa paghabi sa lanang kulay asul, kulay ube at pula at sa mainam
na lino.

4Ang efod ay kinabitan nila ng malapad na tali na siyang nagdudugtong sa
likod at harap.

5Kinabitan din nila ito ng isang magandang sinturong kamukha ng efod na
yari rin sa mainam na lino, at lanang kulay asul, kulay ube at pula at
binurdahan din ng mga hibla ng ginto tulad ng iniutos ni Yahweh.

6Kumuha sila ng mga batong kornalina at iniayos ito sa patungang ginto.
Iniukit nila dito ang pangalan ng mga anak na lalaki ni Israel. Nang mayari,
para itong isang magandang pantatak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Ang mga bato'y ikinabit nila sa tali sa balikat ng efod upang maalala ang mga anak ni Israel. Ginawa rin nila ito ayon sa utos ni Yahweh.

8Gumawa rin sila ng pektoral. Magandang-maganda ang burda nito, tulad ng efod, at yari din sa mainam na lino, at lanang kulay asul, kulay ube at pula at mayroon din itong sinulid na ginto.

9Ito'y magkataklob at parisukat: 0.2 metro ang haba, at ganoon din ang lapad.

10Kinabitan nila ito ng apat na hilera ng mamahaling bato: Sa unang hanay ay rubi, topaz at karbungko.

11Sa ikalawang hilera naman ay esmeralda, safiro at brilyante.

12Sa ikatlong hilera ay jacinto, agata at ametista.

13At sa ikaapat, berilo, kornalina at jasper. Lahat ng ito ay nakalagay sa patungang ginto.

14Labindalawa lahat ang batong ginamit upang kumatawan sa labindalawang anak ni Israel. Tulad ng isang pantatak, sa bawat bato'y nakaukit nang maganda ang pangalan ng bawat anak na lalaki ni Israel.

15Naglubid sila ng pinitpit na ginto at ito ang ginawang panali sa pektoral.

16Gumawa rin sila ng dalawang patungan at dalawang argolyang ginto na ikinabit nila sa dalawang sulok ng pektoral, sa gawing itaas.

17Itinali nila sa argolya ang tig-isang dulo ng mga nilubid na ginto.

18Ang kabilang dulo naman ay itinali nila sa dalawang patungang ginto sa tali sa balikat ng efod.

19Gumawa rin sila ng dalawang argolya at ikinabit sa dalawang sulok sa gawing ibaba ng pektoral.

20Gumawa rin sila ng dalawang argolyang ginto at ikinabit sa ibaba ng tali sa balikat, sa may tahi, sa itaas ng pamigkis ng efod.

21Ang argolya ng pektoral at ng efod ay pinagkabit nila ng lubid na asul para hindi magkahiwalay. Ito'y ginawa nila ayon sa utos ni Yahweh.

22Gumawa rin sila ng damit na nasa ilalim ng efod. Ito'y yari sa lanang kulay asul,

23at may butas na suotan ng ulo; ang butas ay may tupi upang hindi matastas.

24Ang laylayan nito'y nilagyan nila ng mga palawit na tila bunga ng punong granada; ang mga ito'y yari sa pinong lino, at lanang asul, kulay ube at pula.

25Gumawa rin sila ng mga kampanilyang ginto at ikinabit sa laylayan, sa pagitan ng mga palawit.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Kaya ang laylayan ay may isang hilera ng mga palawit na mukhang bunga ng punong granada at mga kampanilyang ginto. Ito'y ginawa nila ayon sa utos ni Yahweh.

27Gumawa rin sila ng mahabang panloob na kasuotan para kay Aaron at sa kanyang mga anak. Ang mga ito'y yari sa pinong lino,

28ganoon din ang turbante, ang mga sumbrero at ang mga linong salawal.

29Ang pamigkis naman sa baywang ay yari sa pinong lino, lanang kulay asul, kulay ube at pula at binurdahan nang maganda ayon sa utos ni Yahweh.

30Ang turbante ay nilagyan nila ng palamuting ginto at may nakaukit na ganitong mga salita: “Nakalaan kay Yahweh.”

31Ito'y itinali nila sa turbante sa pamamagitan ng kurdong asul, tulad ng utos ni Yahweh.

### Natapos na ang Toldang Tipanan

(Exo. 35:10-19)

32Natapos nilang gawin ang Toldang Tipanan ayon sa iniutos ni Yahweh; gayundin ang lahat ng mga kagamitan doon.

33Ipinakita nila kay Moises ang lahat: ang tabernakulo, ang tolda at lahat ng gamit dito, ang mga kawit, ang mga patayo at pahalang na balangkas, tukod at mga tuntungan nito;

34ang mga pantakip na balat ng tupa na kinulayan ng pula, balat ng kambing, at ang mga tabing;

35ang Kaban ng Tipan, ang mga pasanan nito at ang Luklukan ng Awa.

36Ipinakita rin nila ang mesa at ang mga kagamitan nito, ang tinapay na panghandog sa Diyos,

37ang ilawang ginto, ang mga ilaw at ang iba pang mga kagamitan nito, at ang langis para sa mga ilaw;

38ang altar na ginto, ang langis na pampahid, ang mabangong insenso at ang kurtina para sa pintuan ng tolda.

39Ipinakita rin nila ang altar na tanso, kasama ang parilyang tanso, ang mga pasanan at lahat ng kagamitan ng altar, ang palangganang tanso at ang patungan nito;

40ang mga kurtina para sa bulwagan, ang mga poste at ang mga tuntungan nito, ang tabing sa pagpasok sa bulwagan, ang mga tali, ang mga tulos para sa tolda at lahat ng kagamitan sa paglilingkod sa loob ng Toldang Tipanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

41Ipinakita rin nila ang sagradong kasuotan ng mga pari para sa kanilang paglilingkod sa Dakong Banal; ang banal na kasuotan ng paring si Aaron, at ang kasuotan ng kanyang mga anak na maglilingkod bilang mga pari.

42Lahat ng ito'y ginawa ng mga Israelita ayon sa iniutos ni Yahweh kay Moises.

43Ang mga ito'y isa-isang tiningnan ni Moises, at binasbasan nang matiyak na nayari ang mga ito ayon sa iniutos ni Yahweh.

## Exodo 40

**Ang Pagtatayo at ang Pagtatalaga sa Toldang Tipanan**

1Sinabi ni Yahweh kay Moises,

2"Sa unang araw ng unang buwan, itayo mo ang tabernakulo ng Toldang Tipanan.

3Ilagay mo sa loob nito ang Kaban ng Tipan, at tabingan mo.

4Ipasok mo ang mesa at ipatong mo roon ang kagamitan niyon. Ipasok mo rin ang ilawan at iayos ang mga ilaw.

5Ang altar na gintong sunugan ng insenso ay ilagay mo sa tapat ng Kaban ng Tipan at kabitan mo ng tabing ang pintuan nito.

6Ang altar namang sunugan ng mga handog ay ilagay mo sa harap ng tabernakulo ng Toldang Tipanan.

7Ilagay mo naman sa pagitan ng altar at ng tolda ang palanggana, at lagyan mo ng tubig.

8Pagkatapos, paligiran mo ng tabing ang bulwagan at ikabit ang tabing ng pintuan nito.

9"Pagkatapos, kunin mo ang langis na pantalaga at buhusan mo nito ang buong tolda at ang lahat ng kagamitan doon upang maging sagrado. Gayundin ang gawin mo sa lahat ng kagamitan doon upang maging banal.

10Ito rin ang gawin mo sa altar na sunugan ng mga handog at ang mga kasangkapan nito upang maging ganap na sagrado.

11Pahiran mo ng langis ang palanggana at ang patungan nito upang maging banal din.

12"Si Aaron at ang kanyang mga anak ay dalhin mo sa pintuan ng Toldang Tipanan at doo'y maghugas ayon sa rituwal.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Pagkatapos, isuot mo kay Aaron ang banal na kasuotan at pahiran mo siya ng langis. Sa ganitong paraan mo siya itatalaga sa akin at siya'y maglingkod sa akin bilang pari.

14Palapitin mo rin ang kanyang mga anak, at isuot mo sa kanila ang mahabang panloob na kasuotan.

15Pahiran mo sila ng langis tulad ng ginawa mo sa kanilang ama upang makapaglingkod sila sa akin bilang mga pari. Dahil sa pagkapahid mo sa kanila ng langis, mananatili silang mga pari habang buhay."

16Ginawa ni Moises ang lahat ayon sa iniutos ni Yahweh.

17Kaya, ang tabernakulo'y itinayo nila noong unang araw ng unang buwan ng ikalawang taon mula nang umalis sila sa Egipto.

18Si Moises ang nagtayo ng tabernakulo. Inilagay niya ang mga tuntungan nito, itinayo ang mga balangkas, isinuot sa mga argolya ang mga pahalang na balangkas at itinayo ang mga poste.

19Nilatagan niya ng lona ang ibabaw nito at inatipan, tulad ng iniutos ni Yahweh.

20Inilagay niya sa loob ng Kaban ng Tipan ang mga tapyas na batong kinasusulatan ng mga utos. Isinuot sa mga argolya ng Kaban ang mga pasanan at ipinatong ang Luklukan ng Awa.

21Ipinasok niya sa tolda ang Kaban ng Tipan at tinabingan, ayon sa utos ni Yahweh.

22Ang mesa ay inilagay niya sa loob ng Toldang Tipanan, sa may gawing hilaga ng tabernakulo, sa labas ng tabing.

23Tulad ng utos ni Yahweh, ipinatong niya sa mesa ang tinapay na panghandog.

24Inilagay niya ang ilawan sa loob ng Toldang Tipanan, sa gawing timog ng tabernakulo, sa tapat ng mesa at

25iniayos ang mga ilaw, tulad ng utos ni Yahweh.

26Inilagay niya sa loob ng Toldang Tipanan ang altar na ginto, sa harap ng tabing.

27Dito niya sinunog ang mabangong insenso, tulad ng utos sa kanya ni Yahweh.

28Ikinabit niya ang tabing sa pintuan ng tabernakulo.

29Ang altar na sunugan ng mga handog ay inilagay niya sa harap ng pintuan ng Toldang Tipanan at dito niya inialay ang mga handog na sinusunog at mga handog na pagkaing butil, tulad ng utos ni Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Inilagay niya ang palanggana sa pagitan ng Toldang Tipanan at ng altar, at ito'y nilagyan ng tubig.

31Doon naghuhugas ng paa't kamay sina Moises, Aaron at ang kanyang mga anak.

32Tuwing papasok sila sa Toldang Tipanan o lalapit sa altar, naghuhugas sila tulad ng iniutos ni Yahweh kay Moises.

33Pinaligiran niya ng tabing ang tolda at ang altar; tinabingan din niya ang pintuan ng bulwagan. Natapos ni Moises ang lahat ng ipinagagawa sa kanya.

### Ang Ulap at ang Tabernakulo

(Bil. 9:15-23)

34Nang magawâ ang Toldang Tipanan, nabalot ito ng ulap at napuno ng kaluwalhatian ni Yahweh.

35Hindi makapasok si Moises sapagkat nanatili sa loob nito ang ulap at napuspos ito ng kaluwalhatian ni Yahweh.

36Sa paglalakbay ng mga Israelita, nagpapatuloy lamang sila tuwing tataas ang ulap mula sa tabernakulo.

37Kapag hindi tumaas ang ulap, hindi sila nagpapatuloy; hanggang hindi tumataas ang ulap, hindi sila lumalakad.

38Kung araw, ang ulap ng kapangyarihan ni Yahweh ay nasa tapat ng tabernakulo; kung gabi nama'y ang haliging apoy. Ito'y nasa isang lugar na kitang-kita ng mga Israelita at siya nilang tanglaw sa kanilang paglalakbay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Levitico

## Levitico 1

### Kautusan tungkol sa mga Handog na Sinusunog

1Tinawag ni Yahweh si Moises, at mula sa Toldang Tipanan ay sinabi sa kanya,

2“Sabihin mo ito sa mga Israelita: ‘Kung may maghahandog kay Yahweh, ang dapat niyang ihandog ay baka, tupa o kambing.’

3“Kung baka ang kanyang handog na susunugin, kailangang ito'y lalaki at walang kapintasan. Dadalhin niya ito sa may pintuan ng Toldang Tipanan upang maging kalugud-lugod sa akin.

4Ipapatong niya sa ulo ng hayop ang kanyang kamay at iyo'y tatanggapin bilang pantubos sa kanyang kasalanan.

5Pagkatapos, papatayin niya ito sa harapan ko at ang dugo'y ibubuhos ng mga paring mula sa angkan ni Aaron sa palibot ng altar, sa may pintuan ng Toldang Tipanan.

6Babalatan niya ang hayop saka kakatayin.

7Ang mga pari nama'y maglalagay ng baga sa altar at iaayos sa ibabaw nito ang kahoy na panggatong.

8Ihahanay nila nang maayos sa ibabaw ng apoy ang mga pira-pirasong karne, kasama ang ulo at taba.

9Ngunit dapat muna nilang hugasan ang laman-loob at ang mga paa bago ilagay sa altar. Pagkatapos, ang lahat ng ito'y sama-samang susunugin bilang handog, upang ang usok nito'y maging mabangong samyo sa akin.

10“Kung tupa o kambing ang ihahandog, kailangang ito'y lalaki rin at walang kapintasan.

11Papatayin ito ng naghahandog sa harapan ni Yahweh sa gawing hilaga ng altar at ang dugo'y ibubuhos ng mga pari sa paligid ng altar.

12Kakatayin niya ito at ihahanay ng pari sa ibabaw ng apoy sa altar ang mga piraso ng karne kasama ang ulo at taba.

13Ang laman-loob at mga paa ay dapat munang hugasan bago ilagay sa altar. Pagkatapos, ang lahat ay susunugin upang ang usok nito'y maging mabangong samyo sa akin.

14“Kung ibon ang handog na susunugin, ang dadalhin niya'y batu-bato o kalapati.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15 Ibibigay niya ito sa pari upang dalhin sa altar. Pipilipitin ng pari ang leeg ng ibon at ang dugo'y patutuluin sa paligid ng altar.

16 Aalisin niya ang balahibo't bituka ng ibon at ihahagis sa tapunan ng abo, sa gawing silangan ng altar.

17 Bibiyakin niya ang katawan nito ngunit hindi paghihiwalayin. Pagkatapos, susunugin niya ito sa altar bilang handog upang ang usok nito'y maging mabangong samyo sa akin."

## Levitico 2

### Handog na Pagkaing Butil

1 "Kung may maghahandog ng pagkaing butil kay Yahweh, ang ihahandog niya'y ang mabuting uri ng harina. Bubuhusan niya ito ng langis ng olibo at bubudburan ng insenso

2 bago dalhin sa mga pari. Ang paring namumuno sa paghahandog ay dadakot ng harina, kasama ang langis at lahat ng insenso para sunugin sa altar bilang tanda na ang lahat ng ito'y inihandog kay Yahweh. Ang usok nito'y magiging mabangong samyo kay Yahweh.

3 Ang matitira sa handog na pagkaing butil ay para kay Aaron at sa kanyang mga anak. Ito ay ganap na sagrado sapagkat ito'y bahagi ng pagkaing handog sa akin.

4 "Kung luto sa pugon ang handog na pagkaing butil, kailangang ito'y yari sa mabuting uri ng harina at walang pampaalsa. Maaari itong masahin sa langis at lutuin nang makapal o kaya'y lutuin nang maninipis at pahiran ng langis.

5 "Kung luto naman sa palapad na kawali ang handog na pagkaing butil, kailangang mabuti ring uri ng harina ang gamitin, walang pampaalsa at minasa rin sa langis.

6 Pagpipira-pirasuhin ito at bubuhusan ng langis; ito ay isang handog na pagkaing butil.

7 "Kung luto naman sa kawali ang handog na pagkaing butil, kailangang ito'y gawa din sa mabuting uri ng harina at langis ng olibo.

8 Ang mga pagkaing butil na handog kay Yahweh ay dadalhin sa pari; dadalhin naman niya ito sa altar.

9 Kukunin ng pari mula sa handog ang bahaging pang-alaala at susunugin sa ibabaw ng altar bilang handog upang ang usok nito'y maging mabangong samyo kay Yahweh.

10 Ang matitira ay para kay Aaron at sa kanyang mga anak; ito'y ganap na sagrado sapagkat kinuha sa pagkaing handog kay Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11“Huwag kayong maghahandog kay Yahweh ng anumang handog na pagkaing butil na may pampaalsa, sapagkat hindi kayo dapat magsunog ng pampaalsa o pulot kung ito'y ihahandog sa akin.

12Kung unang bunga naman ng halaman ang inyong ihahandog, huwag ninyo itong susunugin sa altar.

13Titimplahan ninyo ng asin ang lahat ng handog na pagkaing butil. Huwag ninyong kakalimutang lagyan ng asin ang inyong handog na pagkaing butil sapagkat ang asin ay tanda ng inyong kasunduan kay Yahweh. Kaya lalagyan ninyo ng asin ang lahat ng handog.

14Kung ang handog na pagkaing butil ay trigong mula sa unang ani, kailangang gilingin ito o isangag.

15Bubuhusan ninyo ng langis at bubudburan ng insenso.

16Kukuha ang pari ng bahaging susunugin kasama ang langis at insenso bilang alaala. Ito ay isang handog na pagkaing butil na susunugin para kay Yahweh.”

## Levitico 3

### Mga Handog na Pangkapayapaan

1“Kung ang iaalay na handog pangkapayapaan ay isang baka, maging babae o lalaki man, kailangang ito'y walang kapintasan.

2Ipapatong niya sa ulo nito ang kanyang kamay at ito'y papatayin sa may pintuan ng Toldang Tipanan. At ibubuhos ng pari ang dugo sa paligid ng altar.

3Sa handog na ito kukuha ang pari ng parteng susunugin para kay Yahweh. Kukunin niya ang tabang nakabalot sa laman-loob at lahat ng taba nito;

4gayundin ang dalawang bato, ang taba sa balakang at ang tabang bumabalot sa atay.

5Ang lahat ng ito'y ilalagay sa altar at susunugin ng mga pari bilang handog upang ang usok nito'y maging mabangong samyo kay Yahweh.

6“Kung tupa o kambing ang handog pangkapayapaan, maging ito'y lalaki o babae, kailangang ito'y walang kapintasan.

7Kung tupa ang handog ng isang tao, ito'y dadalhin niya sa harapan ko.

8Ipapatong niya sa ulo nito ang kanyang kamay at ito'y papatayin sa harap ng Toldang Tipanan. Ibubuhos ng mga pari ang dugo nito sa paligid ng altar.

9Kukunin niya ang lahat ng taba, pati ang nasa buntot hanggang sa gulugod at ang bumabalot sa mga laman-loob.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Kukunin din niya ang dalawang bato, pati ang taba nito sa balakang at ang tabang bumabalot sa atay.

11Ang lahat ng ito'y ibibigay niya sa pari upang sunugin sa altar bilang pagkaing handog kay Yahweh.

12"Kung kambing naman ang handog ng isang tao, ihaharap niya ito kay Yahweh.

13Ipapatong niya sa ulo nito ang kanyang kamay at ito'y papatayin sa harap ng Toldang Tipanan. Ibubuhos ng mga pari ang dugo nito sa paligid ng altar.

14Kukunin niya ang lahat ng tabang bumabalot sa laman-loob,

15ang dalawang bato at ang tabang bumabalot dito, ang taba sa ibabaw ng balakang at sa atay.

16Lahat ng ito'y ibibigay niya sa pari at susunugin sa altar bilang pagkaing handog upang ang usok nito'y maging mabangong samyo kay Yahweh. Lahat ng taba ay kay Yahweh.

17Ito ang tuntuning susundin ninyo habang panahon saanman kayo naroroon: 'Huwag kayong kakain ng taba o dugo.'"

## Levitico 4

### Mga Handog para sa Kasalanang Di Sinasadya

1Sinabi ni Yahweh kay Moises,

2"Sabihin mo sa bayang Israel kung ano ang dapat nilang gawin kapag sila'y nagkasala o hindi sinasadyang nakalabag sa alinmang utos ni Yahweh.

3"Kung ang nagkasala'y ang pinakapunong pari, at nadamay pati ang sambayanan, mag-aalay siya ng isang batang toro na walang kapintasan bilang handog para sa kapatawaran ng kanyang kasalanan.

4Dadalhin niya ito sa harapan ni Yahweh sa may pintuan ng Toldang Tipanan, ipapatong niya sa ulo nito ang kanyang kamay at papatayin ito.

5Kukuha ng kaunting dugo ang pinakapunong pari at dadalhin sa Toldang Tipanan.

6Itutubog niya sa dugo ang kanyang daliri at sa harapan ko ay wiwisikan niya ng pitong beses ang tabing ng santuwaryo.

7Lalagyan din niya ng dugo ang mga sungay ng altar ng insensong nasa harapan ni Yahweh sa Dakong Banal. Ang natirang dugo ay ibubuhos niya sa paanan ng altar na sunugan ng mga handog sa harap ng Toldang Tipanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Ang lahat ng taba nito ay kukunin, pati ang tabang bumabalot sa laman-loob.

9Kukunin din ang dalawang bato, ang taba ng balakang at ang tabang bumabalot sa atay.

10Ibubukod ito gaya ng ginagawa sa taba ng torong handog pangkapayapaan, saka dadalhin sa altar at susunugin ng pari.

11Ngunit ang balat ng toro at lahat ng laman nito, ulo't mga hita, at mga laman-loob, kasama ang dumi

12ay dadalhin lahat sa labas ng kampo at susunugin sa isang malinis na lugar na pinagtatapunan ng abo.

13“Kung ang buong kapulungan ng Israel ay magkasala nang di sinasadya at makagawa sila nang labag sa Kautusan nang di nila nalalaman,

14at pagkatapos ay malaman nila ito, maghahandog ng isang batang toro ang buong kapulungan para sa kanilang kasalanan. Dadalhin nila ito sa harap ng Toldang Tipanan.

15Ipapatong ng pinuno ang kanilang kamay sa ulo ng toro at papatayin nila ito sa harapan ni Yahweh.

16Kukuha ng kaunting dugo ang pinakapunong pari upang dalhin ito sa Toldang Tipanan.

17Itutubog niya sa dugo ang kanyang daliri at pitong beses niyang iwiwisik iyon sa harap ng tabing.

18Lalagyan din niya ng dugo ang mga sungay sa altar na nasa Toldang Tipanan. Ang natirang dugo ay ibubuhos niya sa paanan ng altar na sunugan ng mga handog sa may pintuan ng Toldang Tipanan.

19Kanyang susunugin sa altar ang lahat ng taba

20tulad ng ginagawa sa taba ng torong inihandog para sa kapatawaran ng kasalanan. Ito ang gagawin ng pari upang mapatawad ang buong sambayanan.

21Pagkatapos, ilalabas sa kampo ang torong pinatay at susunugin din sa lugar na pinagdalhan sa unang toro. Ito ang handog para sa kasalanan ng sambayanan.

22“Kung isang pinuno ang nagkasala nang di sinasadya dahil nakagawa siya ng isang bagay na ipinagbabawal ni Yahweh na kanyang Diyos,

23sa oras na malaman niya ito ay maghahandog siya ng isang lalaking kambing na walang kapintasan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Ipapatong niya sa ulo ng kambing ang kanyang kamay at papatayin niya ito sa harapan ni Yahweh, sa dakong pinagpapatayan ng handog na susunugin para sa kasalanan.

25Kukuha ng dugo ang pari at sa pamamagitan ng kanyang daliri, papahiran niya ang mga sungay ng altar ng sunugan ng mga handog. Ang natirang dugo ay ibubuhos niya sa paanan ng altar.

26Dadalhin niya sa altar ang lahat ng taba at susunugin gaya ng taba na handog pangkapayapaan. Ito ang gagawin ng pari para matubos ang kasalanan ng pinuno at siya'y patatawarin.

27“Kung ang nagkasala nang di sinasadya ay isang karaniwang tao dahil lumabag siya sa utos ko

28at malaman niya ito pagkatapos, maghahandog siya ng isang babaing kambing na walang kapintasan.

29Ipapatong niya sa ulo ng kambing ang kanyang kamay at papatayin niya ito doon sa lugar na patayan ng mga handog na sinusunog.

30Kukuha ng dugo ang pari at sa pamamagitan ng kanyang daliri'y papahiran niya ang mga sungay ng altar. Ibubuhos niya sa paanan nito ang natirang dugo.

31Kukuning lahat ang taba nito, tulad ng taba ng handog pangkapayapaan at dadalhin sa altar. Ito'y susunugin ng pari bilang handog upang ang usok nito'y maging mabangong samyo kay Yahweh. Sa ganitong paraan, matutubos ang kasalanan ng taong iyon.

32“Kung ang handog para sa kasalanan ay isang tupa, kailanga'y babaing walang kapintasan.

33Ipapatong niya sa ulo ng tupa ang kanyang kamay at papatayin ito sa pinagpapatayan ng handog na susunugin.

34Kukuha ng kaunting dugo ang pari, at sa pamamagitan ng kanyang daliri ay papahiran niya ang mga sungay ng altar na pinagsusunugan ng mga handog. Ang natirang dugo ay ibubuhos niya sa paanan ng altar.

35Kukunin niya ang lahat ng taba nito gaya ng ginagawa sa taba ng tupang handog pangkapayapaan at dadalhin sa altar. Kasama ng pagkaing handog, susunugin ito ng pari para matubos ang kasalanan ng naghandog.

## Levitico 5

### Mga Pagkakataong Kinakailangan ng Handog para sa Kapatawaran ng Kasalanan

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[1]“Kung kinakailangang tumestigo ang isang tao sa isang pangyayari na kanyang nakita o nalaman ngunit ayaw niyang magsalita, nagkakasala siya at dapat siyang parusahan.

[2-3]Kung ang sinuman ay makahipo ng anumang bagay na marumi gaya ng patay na hayop, mailap man o hindi, o anumang bagay na marumi na nanggaling sa tao, matapos niyang malaman ito, siya'y nagkakasala at dapat panagutin.

[4]“Kung ang isang tao ay sumumpa nang pabigla-bigla tungkol sa anumang bagay, mabuti man o masama, sa oras na malaman niya ito, siya'y nagkakasala at dapat panagutin.

[5]“Kung magkasala ang sinuman sa alinmang paraang nabanggit, dapat niyang ipahayag ang kanyang kasalanan.

[6]At upang siya'y mapatawad, maghahandog siya kay Yahweh ng isang babaing tupa o kambing. Ihahandog ito ng pari upang siya'y patawarin sa kanyang kasalanan.

[7]“Ngunit kung hindi niya kayang maghandog ng tupa o kambing, magdala siya ng dalawang batu-bato o dalawang kalapati; ang isa'y handog para sa kasalanan at ang isa nama'y handog na susunugin.

[8]Dadalhin niya ito sa pari upang ihandog sa akin. Ang ibong handog para sa kasalanan ay gigilitan niya ng leeg ngunit hindi puputulin ang ulo.

[9]Ang dugo ay iwiwisik niya sa tabi ng altar at ang natira'y patutuluin sa paanan nito. Iyan ang handog pangkasalanan.

[10]Ang isa naman ay iaalay bilang handog na susunugin ayon sa Kautusan upang patawarin siya.

[11]“Kung hindi pa rin niya makayang maghandog ng dalawang batu-bato o dalawang kalapati, magdadala na lamang siya ng kalahating salop ng piling harina. Hindi niya ito bubuhusan ng langis ni hahaluan man ng insenso sapagkat ito'y handog pangkasalanan.

[12]Dadalhin niya sa pari ang harina. Kukuha naman ito ng sandakot at susunugin sa altar bilang tanda na iyon ay handog kay Yahweh.

[13]Ganito ang gagawin ng pari bilang pantubos sa alinmang pagkakasalang nabanggit. Tulad ng handog na pagkaing butil, ang matitira ay para sa pari.”

**Mga Handog na Pambayad sa Kasalanan**

[14]Sinabi rin ni Yahweh kay Moises,

[15]“Kung ang sinuma'y makalimot magbigay ng anumang nauukol kay Yahweh, mag-aalay siya ng handog na pambayad sa kasalanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Maghahandog siya ng isang lalaking tupa na walang kapintasan. Itatakda mo ang halaga nito ayon sa sukatang itinakda ng santuwaryo.

16 Babayaran niya ang halagang di niya naibigay at magdaragdag pa siya ng ikalimang bahagi nito, at ito'y ibibigay sa pari. Ang tupa'y dadalhin sa pari upang ialay bilang handog na pambayad sa kasalanan, at siya'y patatawarin.

17 "Kung ang sinuma'y makalabag sa alinmang utos ko kahit hindi niya ito nalalaman, siya'y nagkakasala at dapat parusahan.

18 Magdadala siya sa pari ng isang lalaking tupa na walang kapintasan bilang handog na pambayad sa kasalanan. Itatakda mo ang halaga nito ayon sa halaga ng salapi sa santuwaryo. Ito'y ihahandog ng pari, at patatawarin ang nagkasala.

19 Ang handog na ito'y handog na pambayad sa kasalanan, sapagkat nagkasala siya kay Yahweh."

## Levitico 6

1 Sinabi pa ni Yahweh kay Moises,

2 "Nagkakasala ang sinumang magkaila tungkol sa isang bagay na inihabilin sa kanya, ang sumira sa kasunduan, ang magnakaw o magsamantala sa kapwa

3 at ang mag-angkin ng isang bagay na napulot at manumpang iyon ay wala sa kanya.

4 Babayaran niya ang kanyang ninakaw, o anumang napulot o inihabilin na inangkin niya.

5 Ibabalik niya ang alin man sa mga ito at daragdagan pa niya ito ng ikalimang bahagi ng halaga niyon sa araw na maghandog siya para sa kasalanan.

6 Ang iaalay naman niya bilang handog na pambayad sa kasalanan ay isang lalaking tupa na walang kapintasan. Itatakda mo ang halaga nito ayon sa sukatang itinakda ng santuwaryo.

7 Ihahandog iyon ng pari at siya'y patatawarin sa alinmang pagkakasala niya."

### Mga Handog na Sinusunog nang Buo

8 Sinabi pa ni Yahweh kay Moises,

9 "Sabihin mo kay Aaron at sa kanyang mga anak, 'Ito ang tuntunin tungkol sa handog na sinusunog. Kailangang ilagay sa altar ang handog na sinusunog at doo'y hayaang magdamag na may apoy na nagniningas.

10 Magsusuot ng damit na lino at salawal na lino ang pari, at aalisin niya ang abo ng sinunog na handog at ilalagay sa tabi ng altar.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Pagkatapos, magpapalit siya ng kasuotan at dadalhin niya ang abo sa isang malinis na lugar sa labas ng kampo.

12Ang apoy sa altar ay dapat panatilihing nagniningas; ito'y dapat gatungan tuwing umaga. Ihahanay sa ibabaw ng gatong ang handog na susunugin at ang tabang kinuha sa handog pangkapayapaan.

13Hayaang laging may apoy sa altar at hindi ito dapat pabayaang mamatay.'"

**Handog na Pagkaing Butil**

14"Ito naman ang tuntunin tungkol sa mga handog na pagkaing butil. Mga pari lamang ang maghahandog nito sa altar.

15Dadakot ang pari ng harinang binuhusan ng langis at binudburan ng insenso at ito'y susunugin sa altar bilang handog upang ang usok nito'y maging mabangong samyo kay Yahweh.

16Ang natira ay magiging pagkain ng mga pari.

17Lulutuin ito nang walang pampaalsa at doon nila kakainin sa isang banal na lugar, sa patyo ng Toldang Tipanan. Inilaan ko iyon para sa kanila bilang kaparte ng pagkaing handog sa akin. Iyo'y ganap na sagrado tulad ng handog para sa kapatawaran ng kasalanan at handog na pambayad sa kasalanan.

18Lahat ng lalaki mula sa lahi ni Aaron ay maaaring kumain nito. Ito ay bahagi nila magpakailanman sa mga pagkaing handog sa akin. Anumang madampian nito ay ituturing na banal."

19Sinabi pa ni Yahweh kay Moises,

20"Ito ang handog na dadalhin sa akin nina Aaron at ng mga paring mula sa kanyang angkan sa araw ng pagtatalaga sa kanila: kalahating salop ng mainam na harinang panghandog. Ang kalahati nito'y ihahandog sa umaga at ang kalahati nama'y sa gabi.

21Ito'y mamasahing mabuti sa langis at ipiprito sa kawali at pagpipira-pirasuhin. Pagkatapos, susunugin sa altar bilang mabangong samyong handog sa akin, gaya ng handog na pagkaing butil.

22Ang paring mula sa angkan ni Aaron ang maghahandog nito sa akin; ito'y batas na dapat sundin magpakailanman. Ang handog na ito ay susunugin para sa akin.

23Ang lahat ng pagkaing butil na handog ng pari ay lubusang susunugin, at hindi ito maaaring kainin."

**Mga Tuntunin tungkol sa Handog para sa Kapatawaran ng Kasalanan**

24Sinabi rin ni Yahweh kay Moises,

25"Sabihin mo kay Aaron at sa mga paring mula sa kanyang angkan, 'Ito naman ang tuntunin tungkol sa handog pangkasalanan. Ang handog

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

pangkasalanan ay papatayin sa pinagpapatayan ng handog na susunugin. Ito'y ganap na sagrado.

26Ang natirang hindi sinunog ay maaaring kainin ng paring naghandog nito. Ngunit kakainin niya ito sa isang banal na lugar, sa patyo ng Toldang Tipanan.

27Ang anumang madampi sa laman niyon ay ituturing na banal. Ang damit na malagyan ng dugo nito ay lalabhan sa isang banal na lugar.

28Ang palayok na pinaglutuan ng handog ay babasagin; ngunit kung ang pinaglutuan ay sisidlang tanso, ito'y kukuskusin at huhugasang mabuti.

29Ang sinumang lalaking kabilang sa sambahayan ng pari ay maaaring kumain ng handog na ito; iyon ay ganap na sagrado.

30Ngunit hindi maaaring kainin ang handog para sa kasalanan kung ang dugo nito ay dinala sa Toldang Tipanan upang doo'y gawing pantubos sa kasalanan. Ito ay dapat sunugin na lamang.'"

## Levitico 7

### Mga Tuntunin tungkol sa Handog na Pambayad sa Kasalanan

1"Ito naman ang tuntunin tungkol sa handog na pambayad sa kasalanan. Ito'y ganap na sagrado.

2Ang handog na pambayad sa kasalanan ay papatayin sa lugar na pinagpapatayan ng mga handog na susunugin. Ang dugo nito'y ibubuhos sa paligid ng altar.

3Ang lahat ng taba nito ay ibubukod at ihahandog—taba ng buntot, tabang bumabalot sa laman-loob,

4ang dalawang bato at ang taba nito, ang taba ng balakang at ang taba na bumabalot sa atay.

5Lahat ng ito'y dadalhin sa altar at susunugin ng pari bilang handog na pambayad sa kasalanan kay Yahweh.

6Ang matitira ay maaaring kainin ng mga anak na lalaki na kabilang sa angkan ng pari. Ngunit ito'y kakainin sa isang sagradong lugar sapagkat ang pagkaing ito'y napakabanal.

7"Iisa ang tuntunin sa handog na pambayad sa kasalanan at sa handog para sa kapatawaran ng kasalanan. Ang kukuha ng handog na ito ay ang paring gumaganap sa paghahandog.

8Ang balat ng handog na susunugin ay ibibigay rin sa paring gumanap sa paghahandog,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9gayundin ang mga handog na pagkaing butil na niluto sa pugon, sa ihawan o pinirito sa kawali.

10Ngunit ang natirang handog na harina, maging ito'y may halong langis o wala, ay paghahati-hatian ng mga paring mula sa angkan ni Aaron.

**Handog Pangkapayapaan**

11“Ito naman ang tuntunin tungkol sa handog pangkapayapaan.

12Kung ito'y inihandog bilang pasasalamat, ang handog ay sasamahan ng tinapay na walang pampaalsa. Ito'y maaaring makakapal na tinapay na yari sa harinang minasa sa langis, o maninipis na tinapay na pinahiran ng langis, o tinapay na yari rin sa harinang minasa sa langis.

13Ang mga ito ay isasama sa tinapay na may pampaalsa at sa handog pangkapayapaan bilang pagpapasalamat.

14Sa bawat uri ng tinapay ay magbubukod ng isang ihahandog kay Yahweh at ito'y kukunin ng paring nagbuhos ng dugo ng handog pangkapayapaan.

15Ang laman ng handog pangkapayapaan bilang pagpapasalamat ay kakaining lahat sa araw ng paghahandog; walang dapat itira para kinabukasan.

16“Ngunit kung ang handog pangkapayapaan ay panata o kusang-loob, makakain iyon sa araw ng paghahandog at ang matitira'y maaaring kainin sa kinabukasan.

17Kung mayroon pa ring natira sa ikatlong araw, dapat nang sunugin iyon.

18Kapag may kumain pa nito, ang handog na iyo'y hindi tatanggapin at mawawalan ng kabuluhan. Iyo'y magiging kasuklam-suklam at pananagutin ang sinumang kumain niyon.

19Ang handog na karneng nadampian ng anumang bagay na marumi ay hindi dapat kainin; dapat itong sunugin. “Ang sinumang malinis ayon sa batas ay maaaring kumain ng karneng ito.

20Ngunit ang kumain ng karneng handog pangkapayapaan nang di nararapat ay ititiwalag sa bayan ng Diyos.

21Ititiwalag sa sambahayan ng Diyos ang sinumang makahawak ng marumi: tao, hayop o anumang bagay na karumal-dumal, at pagkatapos ay kumain ng handog pangkapayapaan.”

22Sinabi pa ni Yahweh kay Moises,

23“Sabihin mo sa bayang Israel na huwag silang kakain ng taba ng baka, tupa o kambing.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

24Ang taba ng hayop na kusang namatay o ng hayop na niluray ng kapwa hayop ay maaaring gamitin sa ibang bagay, huwag lamang kakainin.

25Kaya, ang sinumang kumain ng taba ng hayop na inihandog kay Yahweh ay ititiwalag sa sambayanan.

26At kahit saan kayo naroon, huwag kayong kakain ng dugo ng anumang hayop o ibon.

27Ang sinumang kumain nito ay ititiwalag sa sambayanan ng Diyos."

28Sinabi pa ni Yahweh kay Moises,

29"Sabihin mo rin ito sa bayang Israel: 'Ang sinumang maghahandog para sa kapayapaan ay magbubukod ng bahagi nito para sa akin.

30Siya mismo ang maghahandog nito. Dadalhin din niya ang taba at dibdib nito sa harap ng altar upang ihain bilang tanging handog.

31Kukunin ng pari ang taba nito at susunugin sa altar, ngunit ang dibdib ay ibibigay kay Aaron at sa kanyang mga anak.

32Ang kanang hita naman ay ibibigay sa paring

33nagbuhos ng dugo sa altar at nagsunog ng tabang handog pangkapayapaan.

34Sapagkat iniuutos ko sa bayang Israel na ang dibdib at ang hita ng hayop na handog pangkapayapaan ay ipagkakaloob kay Aaron at sa kanyang mga anak. Ito'y panghabang panahong tungkulin ng bayang Israel.

35Ito nga ang bahagi ng handog kay Yahweh na nakalaan kay Aaron at sa kanyang mga anak mula nang sila'y gawing mga pari para kay Yahweh.

36Nang araw na iyon, iniutos ni Yahweh na ito'y ibigay sa kanila. Ang tuntuning ito ay dapat tuparin ng bayang Israel habang panahon.'"

37Ito ang mga tuntunin tungkol sa mga handog na susunugin, handog na pagkaing butil, handog para sa kapatawaran ng kasalanan, handog na pambayad sa kasalanan, handog sa pagtatalaga at handog pangkapayapaan.

38Iniutos ito ni Yahweh kay Moises sa Bundok ng Sinai, noong sila'y nasa ilang, nang araw na ang mga Israelita'y utusan ni Yahweh na maghandog sa kanya.

# Levitico 8

**Ang Pagtatalaga sa mga Pari**

(Exo. 29:1-37)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Sinabi ni Yahweh kay Moises,

2“Isama mo sa harap ng Toldang Tipanan si Aaron at ang kanyang mga anak na lalaki. Dalhin mo ang kanilang kasuotan at ang langis na pantalaga. Dalhin na rin ninyo ang torong panghandog sa kasalanan, dalawang lalaking tupa at isang basket ng tinapay na walang pampaalsa

3at tipunin mo roon ang buong bayan.”

4Sinunod naman ni Moises ang utos sa kanya ni Yahweh. Nang ang buong kapulungan ay nagkatipon na,

5sinabi ni Moises sa sambayanan na ang gagawin nila'y utos ni Yahweh.

6Isinama muna ni Moises si Aaron at ang kanyang mga anak at sila'y pinaliguan ayon sa rituwal.

7Pagkatapos, isinuot niya kay Aaron ang mahabang panloob na kasuotan at ang damit bago ang efod, at inilagay sa kanyang baywang ang pamigkis. Isinuot din niya sa kanya ang efod, at pinagkabit ito sa pamamagitan ng isa pang pamigkis sa kanyang baywang.

8Pagkatapos, ipinatong ang pektoral na kinalalagyan ng Urim at Tumim.

9Sinuotan ng turbante at sa noo nila ay ikinabit ang palamuting ginto na may tanda ng kabanalan, ayon sa iniutos ni Yahweh.

10Pagkatapos nito, kinuha ni Moises ang langis na pantalaga, pinahiran ang Toldang Tipanan at lahat ng naroon, bilang tanda na ang mga ito'y nakalaan lamang kay Yahweh.

11Gayundin ang ginawa niya sa altar at sa mga kagamitang naroon, pati na ang palangganang hugasan at ang patungan nito; pitong beses niyang winisikan ng langis ang mga ito.

12Binuhusan niya ng langis ang ulo ni Aaron upang ilaan siya kay Yahweh.

13Matapos italaga si Aaron, pinalapit naman ni Moises ang mga anak ni Aaron at sinuotan ng mahabang panloob na kasuotan, binigkisan sa baywang, at nilagyan ng turbante, gaya ng iniutos ni Yahweh.

14Pagkatapos, ipinakuha ni Moises ang torong handog para sa kapatawaran ng kasalanan at ipinatong ni Aaron at ng kanyang mga anak na lalaki ang kanilang mga kamay sa ulo ng torong ihahandog.

15Pinatay niya ito, kumuha ng kaunting dugo at sa pamamagitan ng kanyang daliri ay pinahiran ang mga sungay ng altar upang ito'y gawing malinis. Ang natirang dugo ay ibinuhos sa paanan ng altar bilang pagtatalaga at pagtubos.

16Kinuha ni Moises ang taba ng laman-loob, ang ibabang bahagi ng atay, ang dalawang bato pati ang taba nito at kanyang sinunog sa altar.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Ang balat, laman at dumi nito ay sinunog naman niya sa labas ng kampo, gaya ng iniutos sa kanya ni Yahweh.

18Pagkatapos, kinuha ni Moises ang lalaking tupa na iaalay bilang handog na susunugin. Ipinatong din ni Aaron at ng kanyang mga anak ang kanilang mga kamay sa ulo nito bago niya ito pinatay.

19Ibinuhos ni Moises ang dugo nito sa palibot ng altar.

20Kinatay niya ang tupa at sinunog ang ulo't mga pira-pirasong laman pati taba nito.

21Hinugasan niya ang laman-loob at mga hita nito, at sinunog lahat sa altar bilang handog na susunugin, gaya ng utos sa kanya ni Yahweh. Ang usok nito'y naging mabangong samyo kay Yahweh.

22Pagkatapos, kinuha niya ang isa pang lalaking tupa na handog naman para sa pagtatalaga. Ipinatong din ni Aaron at ng kanyang mga anak ang kanilang mga kamay sa ulo nito.

23Pinatay ni Moises ang hayop at ang kaunting dugo nito'y ipinahid niya sa lambi ng kanang tainga ni Aaron at sa kanang hinlalaki ng kamay at paa nito.

24Tinawag ni Moises ang mga anak ni Aaron at pinahiran din niya ng dugo ang lambi ng mga kanang tainga at ang hinlalaki ng mga kanang kamay at paa ng mga ito. Ibinuhos niya ang natirang dugo sa mga gilid ng altar.

25Pagkatapos kinuha niya ang taba ng buntot, ang tabang bumabalot sa laman-loob, ang ibabang bahagi ng atay, ang dalawang bato pati taba nito at ang kanang hita ng tupa.

26Sa basket na nasa altar ay dumampot siya ng isang tinapay, isang tinapay na hinaluan ng langis, isang tinapay na manipis, at ipinatong ang mga ito sa taba at kanang hita ng pinatay na tupa. Ang mga tinapay na ito'y walang pampaalsa.

27Pinahawakan niya ito kina Aaron at sa kanyang mga anak at inialay nila ito bilang natatanging handog kay Yahweh.

28Pagkatapos, ipinatong ito ni Moises sa handog na susunuging nasa altar, saka sinunog bilang handog para sa pagtatalaga. Ito'y handog na pagkain at ang halimuyak nito'y naging mabangong samyo kay Yahweh.

29Kinuha ni Moises ang parteng dibdib ng tupa at inialay bilang natatanging handog kay Yahweh; ito ang kanyang bahagi sa tupang handog na pantalaga gaya ng iniutos sa kanya ni Yahweh.

30Kumuha siya ng langis na pantalaga at kaunting dugong nasa altar at winisikan si Aaron at ang kanyang mga anak, pati ang mga kasuotan nila. Ganito sila itinalaga kay Yahweh pati ang kanilang mga kasuotan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[31]Pagkatapos, sinabi ni Moises kay Aaron at sa kanyang mga anak, “Dalhin ninyo ang laman ng karne sa may pintuan ng Toldang Tipanan, ilaga ninyo ito at kainin kasama ang tinapay na nasa basket na ginagamit sa mga handog sa pagtatalaga, gaya ng ipinag-uutos ni Yahweh.

[32]Ang matira ay inyong susunugin.

[33]Huwag kayong aalis doon sa loob ng pitong araw hangga't hindi natatapos ang pagtatalaga sa inyo.

[34]Ito ang iniutos ni Yahweh para sa araw na ito upang kayo'y matubos sa inyong kasalanan.

[35]Sa loob ng pitong araw, araw-gabi kayong magbabantay sa may pintuan ng Toldang Tipanan. Ito ang utos ni Yahweh. Kailangang sundin ninyo ito upang hindi kayo mamatay.”

[36]Sinunod nina Aaron at ng kanyang mga anak ang lahat ng iniutos ni Yahweh sa pamamagitan ni Moises.

## Levitico 9

### Ang Handog ni Aaron

[1]Nang ikawalong araw, ipinatawag ni Moises si Aaron at ang kanyang mga anak, at ang mga pinuno ng Israel.

[2]Sinabi niya kay Aaron, “Kumuha ka ng isang batang toro at isang lalaking tupa na walang kapintasan at ihandog mo kay Yahweh. Ang una'y handog para sa kapatawaran ng kasalanan at ang ikalawa'y handog na susunugin.

[3]Sabihin mo naman sa bayang Israel na magdala sila ng isang lalaking kambing bilang handog para sa kapatawaran ng kasalanan. Magdala rin sila ng isang guya at isang batang tupa na parehong isang taon ang gulang at walang kapintasan bilang handog na susunugin.

[4]Pagdalhin mo rin sila ng isang toro at isang lalaking tupa upang ihandog kay Yahweh bilang handog pangkapayapaan. Ihahandog nila ang lahat ng ito na may kasamang harinang hinaluan ng langis. Gawin ninyo ito sapagkat ngayo'y magpapakita sa inyo si Yahweh.”

[5]Dinala nga nila ang mga ito sa harap ng Toldang Tipanan ayon sa iniutos ni Moises. Nagtipon ang buong bayan sa harapan ni Yahweh.

[6]Sinabi sa kanila ni Moises, “Ito ang utos ni Yahweh na dapat ninyong tuparin upang mahayag sa inyo ang kaluwalhatian niya.”

[7]Kay Aaron nama'y sinabi ni Moises, “Lumapit ka sa altar at ialay mo roon ang handog para sa kapatawaran ng kasalanan, at ang handog na susunugin para sa iyo at sa iyong sambahayan. Dalhin mo rin ang handog ng mga tao

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

upang sila'y matubos din sa kanilang mga kasalanan; iyan ang iniutos ni Yahweh."

8Lumapit nga si Aaron sa altar at pinatay ang guya bilang handog para sa kapatawaran ng kanyang kasalanan.

9Ang dugo nito'y dinala ng mga anak ni Aaron sa kanya. Inilubog naman niya sa dugo ang kanyang daliri at nilagyan ang mga sungay ng altar at ibinuhos sa paanan nito ang natira.

10Ngunit ang taba, mga bato at ang ibabang bahagi ng atay ng handog para sa kapatawaran ng kasalanan ay sinunog niya sa altar, gaya ng utos ni Yahweh.

11Ang laman at balat nito ay sinunog naman niya sa labas ng kampo.

12Pinatay rin ni Aaron ang handog na susunugin. Ibinigay sa kanya ng kanyang mga anak ang dugo nito at ibinuhos sa paligid ng altar.

13Ibinigay din sa kanya ang kinatay na handog, at kasama ng ulo'y sinunog niya ang mga ito sa altar.

14Hinugasan niya ang laman-loob, ang mga hita at sinunog din sa altar, kasama ng iba pang bahagi ng handog na susunugin.

15Pagkatapos, inilapit sa kanya ang lalaking kambing at pinatay niya ito bilang handog para sa kapatawaran ng kasalanan ng buong sambayanan.

16Ang handog na susunugin ay inihandog din niya ayon sa utos.

17Kumuha siya ng isang dakot na harina mula sa handog na pagkaing butil at sinunog ito sa altar kasama ng handog na sinusunog sa umaga.

18Sa kahuli-huliha'y pinatay niya ang toro at ang lalaking tupa, ang handog ng mga tao para sa kapayapaan. Ang dugo nito ay dinala kay Aaron ng kanyang mga anak, at ito nama'y ibinuhos niya sa paligid ng altar.

19Ang taba naman ng mga ito, ang nasa buntot, ang bumabalot sa laman-loob, mga bato at ang ibabang bahagi ng atay,

20ay ipinatong niya sa mga dibdib ng mga handog. Pagkatapos, ang mga taba ay sinunog niya sa ibabaw ng altar.

21Ang dibdib at kanang hita ng mga hayop ay ginawang natatanging handog para kay Yahweh, ayon sa iniutos ni Moises.

22Itinaas ni Aaron ang kanyang mga kamay at binasbasan ang mga tao. Pagkatapos, bumabâ siya mula sa altar na pinaghandugan niya.

23Sina Moises at Aaron ay pumasok sa Toldang Tipanan. Paglabas doon, binasbasan nila ang mga tao at nakita ng lahat ang maningning na kaluwalhatian ni Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Sa harapan niya, nagkaroon ng apoy at tinupok ang handog na susunugin pati ang taba na nasa altar. Nang makita ito ng mga tao, sila'y napasigaw at nagpatirapa.

## Levitico 10

### Ang Kasalanan nina Nadab at Abihu

1Ang dalawang anak ni Aaron na sina Nadab at Abihu ay kumuha ng sunugan ng insenso, nilagyan nila ito ng apoy at nagsunog ng insenso at humarap kay Yahweh. Ngunit gumamit sila ng apoy na hindi nararapat, sapagkat hindi ito iyong iniutos sa kanila ni Yahweh.

2Kaya't mula kay Yahweh ay lumabas ang apoy at tinupok sila.

3Sinabi ni Moises kay Aaron, “Ito ang kahulugan ng sinabi ni Yahweh: ‘Dapat akong kilalaning banal ng sinumang lumalapit sa akin at dapat akong parangalan sa harapan ng mga tao.’” Hindi nakaimik si Aaron.

4Kaya't ipinatawag ni Moises sina Misael at Elzafan, mga anak ni Uziel na tiyo ni Aaron at sinabi sa kanila, “Alisin ninyo sa harap ng santuwaryo ang bangkay ng inyong mga pinsan at ilabas ninyo sa kampo.”

5Lumapit ang dalawa at inilabas nga nila ang mga bangkay na suot pa rin ang kanilang mahabang panloob na kasuotan.

6Sinabi ni Moises kay Aaron at sa dalawang anak nitong sina Eleazar at Itamar, “Huwag ninyong guluhin ang inyong buhok ni punitin man ang inyong damit bilang pagluluksa dahil sa nangyari kung ayaw ninyong mamatay at magalit ang Diyos sa mga tao. Ngunit sila'y maaaring ipagluksa ng bayan dahil sa kanilang sinapit.

7Huwag kayong lalayo sa pintuan ng Toldang Tipanan sapagkat kayo ay itinalaga na ng langis ni Yahweh. Baka kayo ay mamatay kapag di kayo sumunod.” At sinunod naman nila ang iniutos ni Moises.

### Mga Tuntunin tungkol sa Pagkain ng mga Pari

8Sinabi ni Yahweh kay Aaron,

9“Kung ikaw at ang iyong mga anak ay pupunta sa Toldang Tipanan, huwag kayong iinom ng alak o anumang inuming nakakalasing. Mamamatay kayo kapag ginawa ninyo iyon. Ito ay tuntunin na dapat tuparin ng lahat ng inyong salinlahi.

10Dapat ninyong malaman kung alin ang sagrado o hindi at kung alin ang malinis o marumi.

11Ang lahat ng iniuutos ko kay Moises ay dapat ninyong ituro sa sambayanang Israel.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Sinabi ni Moises kay Aaron at sa dalawa pang anak niyang natitira, sina Eleazar at Itamar, “Kunin ninyo ang natira sa handog na pagkaing butil kay Yahweh at gawing tinapay na walang pampaalsa. Kakainin ninyo ito sa tabi ng altar sapagkat ito'y ganap na sagrado.

13Kakainin ninyo ito sa isang banal na lugar sapagkat ito ang bahaging para sa inyo at sa inyong mga anak na lalaki mula sa pagkaing inihandog kay Yahweh. Ito ang iniutos niya sa akin.

14Ngunit ang dibdib at hita ng handog na susunugin ay para sa iyo at sa iyong mga anak na lalaki at babae. Kakainin ninyo iyon sa isang sagradong lugar ayon sa tuntunin sapagkat iyo'y kaloob sa inyo bilang bahagi mula sa handog pangkapayapaan ng mga Israelita.

15Ang dibdib at ang hitang binanggit ay dadalhin nila sa altar kasama ng mga tabang susunugin at iaalay bilang natatanging handog kay Yahweh. Pagkatapos, ito'y ibibigay sa inyo. Ang tuntunin na ito ay panghabang panahon, ayon sa utos ni Yahweh.”

16Nang siyasatin ni Moises ang tungkol sa kambing na inihandog para sa kapatawaran ng kasalanan, natuklasan niyang iyo'y nasunog na. Nagalit siya kina Eleazar at Itamar at ang sabi,

17“Bakit hindi ninyo kinain sa banal na lugar ang handog para sa kapatawaran ng kasalanan? Hindi ba ninyo alam na ganap na sagrado iyon at ibinigay sa inyo para kumatawan kayo sa buong bayan ng Israel sa harapan ni Yahweh upang sila'y patawarin niya sa kanilang kasalanan?

18Sapagkat ang dugo niyon ay hindi dinala sa loob ng santuwaryo, dapat sana'y kinain ninyo roon ang handog para sa kapatawaran ng kasalanan, gaya ng ipinag-utos ko.”

19Ngunit sumagot si Aaron, “Sa araw na ito'y naghain sila ng handog para sa kapatawaran ng kasalanan at handog na susunugin, ngunit ito pa ang aking sinapit. Kung ako ba'y kumain ngayon ng handog para sa kasalanan, ako ba'y magiging karapat-dapat sa paningin ni Yahweh?”

20Sumang-ayon si Moises sa mga sinabing ito ni Aaron.

## Levitico 11

### Mga Hayop na Maaari at Di Maaaring Kainin

(Deut. 14:3-21)

1Sinabi ni Yahweh kina Moises at Aaron,

2“Ganito ang sabihin ninyo sa bayang Israel: Sa mga hayop na lumalakad sa lupa, makakain ninyo

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[3]ang lahat ng hayop na biyak ang kuko at ngumunguya ng pagkaing mula sa sikmura.

[4]Kaya ang kamelyo kahit na ngumunguya ito ngunit hindi biyak ang kuko ay di dapat kainin.

[5]Ang dagang gubat ay ngumunguya rin ng pagkaing mula sa sikmura ngunit hindi biyak ang kuko; hindi ito malinis, kaya di dapat kainin.

[6]Ang kunehong gubat ay ngumunguya rin ng pagkaing galing sa sikmura ngunit hindi rin biyak ang kuko nito; hindi ito malinis.

[7]Ang baboy, biyak nga ang kuko, ngunit hindi naman ngumunguya ng pagkaing mula sa sikmura, kaya hindi ito dapat kainin.

[8]Huwag kayong kakain ng karne ni hihipo man ng bangkay ng mga hayop na ito; marurumi ito para sa inyo.

[9]“Sa mga nilikhang nasa tubig, maging alat o tabang, ang maaari lamang ninyong kainin ay ang mga isdang may palikpik at kaliskis.

[10]Ngunit ang isdang walang palikpik at kaliskis, malaki man o maliit, sa dagat o ilog ay marumi para sa inyo.

[11]Huwag kayong kakain nito at iwasan ninyo ang mga patay nito.

[12]Lahat ng nilikha sa tubig na walang palikpik at kaliskis ay huwag ninyong kainin.

[13]“Tungkol naman sa mga ibon, ang mga ito ang huwag ninyong kakainin sapagkat marurumi: ang agila, ang buwitre at ang agilang-dagat;

[14]ang lawin at ang limbas at mga kauri nito;

[15]lahat ng uri ng uwak;

[16]ang ostrits, panggabing lawin, lawing dagat at mga kauri nito;

[17]lahat ng uri ng kuwago, ibong maninisid ng isda,

[18]ang kuwagong parang may sungay, at ang pelicano;

[19]ang lahat ng uri ng tagak, ang tariktik, paniki at kabag.

[20]“Lahat ng kulisap na may pakpak at may apat na paa ay marurumi para sa inyo,

[21]maliban sa mga kulisap na lumulundag,

[22]tulad ng lahat ng balang na mahahaba ang ulo, balang na kulay berde at bawat balang sa ilang.

[23]Ang lahat ng naglipanang lumilipad na may apat na paa ay ituturing ninyong marurumi.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24“Ang sinumang humawak sa bangkay ng mga hayop na ito ay ituturing na marumi hanggang sa paglubog ng araw.

25Ang sinumang dumampot sa mga ito ay ituturing na marumi hanggang sa paglubog ng araw at dapat niyang labhan ang kanyang damit.

26Bawat hayop na biyak ang kuko ngunit hindi ngumunguya ng pagkaing mula sa sikmura ay marumi nga at ituturing na marumi rin ang bawat humawak rito.

27Ituturing ninyong marumi ang mga hayop na may apat na paa, ngunit ang kuko'y hindi sumasayad sa lupa kapag lumalakad. Ang sinumang humawak sa bangkay nito ay ituturing na marumi hanggang sa paglubog ng araw.

28Dapat labhan ang kasuotan ng sinumang humawak nito at siya ay ituturing ninyong marumi hanggang sa paglubog ng araw.

29“Sa mga hayop na naglipana sa lupa, ituturing ninyong marumi ang mga sumusunod: ang bubuwit, ang daga, at lahat ng uri ng bayawak;

30ang tuko, ang buwaya, ang butiki, ang bubuli at ang hunyango.

31Marurumi ang lahat ng ito at sinumang humawak sa alinmang patay nito ay ituturing na marumi hanggang sa paglubog ng araw.

32Kung ang alinman sa mga ito ang mamatay at lumagpak sa damit, kagamitang kahoy, balat o anumang kagamitang pang-araw-araw, ituturing na marumi ang nilagpakan nito hanggang sa paglubog ng araw; kailangang ibabad sa tubig ang nasabing kagamitan.

33Kung sa palayok ito mahulog, ituring ding marumi ang laman nito at dapat nang basagin ang palayok.

34Anumang pagkaing may sabaw o inuming tubig na malagay dito ay ituturing na marumi.

35Marumi nga ang anumang lagpakan ng ganitong uri ng patay na hayop. Kung mahulog sa kalan o palayok, dapat sirain ito; ituturing nang marumi iyon.

36Ngunit ang batis o ipunan ng tubig na malagpakan nito ay mananatiling malinis; gayunman, ang humawak sa patay na hayop ay ituturing na marumi.

37Kung ang patay na hayop ay lumagpak sa binhing pananim, ito'y mananatiling malinis,

38ngunit kung ang binhi ay babad na sa tubig, magiging marumi na ito.

39“Kung mamatay ang anumang hayop na maaaring kainin, ang sinumang humawak rito ay ituturing na marumi hanggang sa paglubog ng araw.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

40Dapat labhan ang kasuotan ng sinumang kumain o bumuhat nito, at siya'y ituturing na marumi hanggang sa paglubog ng araw.

41“Lahat ng maliliit na hayop na gumagapang sa lupa ay huwag ninyong kakainin sapagkat ito'y marurumi,

42maging ito'y gumagapang sa lupa o naglalakad na may apat na paa o higit pa.

43Huwag ninyong dudumhan ang inyong sarili sa pamamagitan ng pagkain ng alinman sa maruruming hayop na ito.

44Panatilihin ninyong malinis ang inyong sarili, sapagkat akong si Yahweh na inyong Diyos ay banal.

45Ako ang naglabas sa inyo sa Egipto upang maging Diyos ninyo. Dapat kayong maging banal sapagkat ako'y banal.”

46Ito ang mga tuntunin tungkol sa mga hayop, sa mga ibon at sa mga nilikha sa tubig,

47para malaman ninyo ang malinis o hindi, ang makakain at hindi makakain.

## Levitico 12

### Tuntunin sa Paglilinis ng Nanganak

1Sinabi ni Yahweh kay Moises,

2“Ganito ang sabihin mo sa bayang Israel: Kung ang isang babae ay manganak ng lalaki, pitong araw siyang ituturing na marumi, tulad nang panahong siya'y may regla.

3Pagdating ng ikawalong araw, dapat nang tuliin ang sanggol.

4Tatlumpu't tatlong araw pa ang hihintayin ng ina bago siya ituring na malinis. Hindi siya dapat humawak ng anumang bagay na sagrado at hindi rin dapat pumasok sa santuwaryo hanggang hindi natatapos ang takdang panahon.

5Kung babae naman ang kanyang anak, labing-apat na araw siyang ituturing na marumi, gaya rin nang siya'y may regla. Animnapu't anim na araw pa siyang maghihintay bago siya ituring na malinis.

6“Kung tapos na ang panahon ng kanyang paglilinis, siya'y maghahandog kay Yahweh, maging lalaki o babae man ang kanyang anak. Magdadala siya sa pari sa may pintuan ng Toldang Tipanan ng isang tupang isang taóng gulang bilang handog na susunugin, at isang kalapati o batu-bato bilang handog para sa kapatawaran ng kasalanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Ihahandog ito ng pari para sa nanganak, at ang babae'y ituturing na malinis. Ganito ang tuntuning dapat sundin ng isang nanganak.

8“Kung hindi niya kayang maghandog ng tupa, kukuha siya ng dalawang batu-bato o dalawang kalapati; ang isa'y handog na susunugin at ang isa nama'y handog para sa kapatawaran ng kasalanan. Matapos ihandog ng pari ang mga ito, ituturing nang malinis ang ina.”

## Levitico 13

### Tuntunin tungkol sa mga Sakit sa Balat

1Sinabi ni Yahweh kina Moises at Aaron,

2“Kung ang balat ninuman ay mamaga, magnana o kaya'y magkaroon ng parang singaw, at ang mga ito'y maging sakit sa balat na parang ketong, dapat siyang dalhin kay Aaron o sa mga anak niyang pari.

3Susuriin ito ng pari at kung makita nitong namuti ang balahibo sa balat at sa palagay nito'y tagos hanggang laman, ang taong iyon ay maysakit sa balat na parang ketong. Kung magkagayon, ipahahayag niya itong marumi.

4Ngunit kung balat lamang ang namuti at hindi pati balahibo, ihihiwalay siya nang pitong araw.

5Pagkatapos, susuriin siyang muli sa ikapitong araw at kung sa tingin ng pari ay hindi lumalala ang sakit sa balat, pitong araw pa niya itong ihihiwalay.

6Pagkaraan ng pitong araw, susuriin niyang muli ang may sakit. Kung nagbalik sa dati ang kulay ng kanyang balat at ang sakit sa balat ay hindi kumalat sa ibang bahagi ng kanyang katawan, ipahahayag siyang malinis dahil isa lamang itong pamamaga. Lalabhan niya ang kanyang damit at siya'y magiging malinis na.

7Ngunit kung mamaga uli ang kanyang balat at kumalat ang sakit sa ibang bahagi ng katawan, muli siyang haharap sa pari.

8Sisiyasatin siyang muli at kung ang pamamaga ay kumakalat nga, ipahahayag ng pari na ang maysakit ay marumi. May sakit sa balat na parang ketong ang taong iyon.

9“Ang sinumang magkaroon ng sakit na ito ay dapat dalhin sa pari

10para masuri. Sisiyasatin ito at kung ang namamagang balat ay mamuti at magnaknak at ang balahibo nito ay mamuti rin,

11hindi na siya ihihiwalay pa sapagkat tiyak ngang siya'y marumi.

12Kung kumalat ito sa buong katawan,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13sisiyasatin siya ng pari at kung naging maputing lahat ang balat niya, ipahahayag siyang malinis.

14Subalit sa sandaling magbalik ang dating kulay at ang balat ay muling magsugat-sugat, ituturing siyang marumi.

15Sisiyasatin siya ng pari at kung gayon nga ang makita rito, ipahahayag nitong marumi ang taong iyon. Ang paglitaw ng mga sugat ay tanda na ang taong iyon ay may sakit sa balat na parang ketong at siya ay maituturing na marumi.

16Kung sakaling gumaling ang sugat at pumuti ang balat, dapat siyang pumunta sa pari

17upang muling magpasuri. Kung makita ng pari na ang kanyang sugat ay pumuti, ipahahayag siyang magaling na. Malinis na siya ayon sa rituwal.

18“Kung magkapigsa ang alinmang bahagi ng kanyang katawan at gumaling,

19ngunit ito'y mamaga uli at mamuti o mamula, dapat humarap sa pari ang taong iyon.

20Kung makita niyang tagos sa laman ang sugat at ang balahibo nito ay namuti, ang taong iyon ay may sakit sa balat na parang ketong; ang pinagmulan nito ay sa pigsa.

21Ngunit kung hindi naman tagos sa laman at hindi namuti ang balahibo, ang maysakit ay ibubukod nang pitong araw.

22Kung lumaganap ito sa ibang bahagi ng katawan, ipahahayag siyang marumi sapagkat siya'y may nakakahawang sakit sa balat.

23Kung hindi naman kumalat sa ibang bahagi ng katawan, ito'y marka lamang ng pigsa at ipahahayag ng pari na malinis ang taong iyon.

24“Kung mapaso ang isang parte ng katawan at ang parteng hindi napaso ay namula o namuti,

25susuriin ito ng pari. Kung pumuti ang balahibo nito at tumagos sa laman ang sugat, ito'y sakit sa balat na parang ketong. Ipahahayag na marumi ang taong iyon.

26Kung makita ng pari na ang balahibo ng napasong parte ng katawan ay hindi namuti at hindi tagos sa laman ang sugat, ihihiwalay niya ang taong iyon nang pitong araw.

27Pagkatapos, ito'y susuriin ng pari at kung ang sakit ay kumakalat sa katawan, ipahahayag na marumi ang taong iyon. Siya ay may sakit sa balat na parang ketong.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

28Ngunit kung hindi kumakalat o humahawa sa ibang panig ng katawan at maputla ang kulay, pamamaga lamang ito ng napaso; ipahahayag siya ng pari bilang malinis sapagkat ito'y paltos lamang.

29“Kung ang isang lalaki o babae ay magkasugat sa ulo o sa baba,

30susuriin siya ng pari. Kung nangangati at tagos sa laman ang sugat, at ang buhok ay numinipis at naninilaw-nilaw, ipahahayag siyang marumi; siya'y may sakit sa balat na parang ketong.

31Ngunit kung ang nangangating sugat ay hindi naman umabot sa laman at hindi nanilaw ang buhok, ihihiwalay siya sa loob nang pitong araw.

32Pagkatapos, susuriin siya ng pari. Kung hindi ito kumakalat at di tagos sa laman o hindi naninilaw ang buhok,

33mag-aahit ang maysakit maliban sa palibot ng sugat, ngunit pitong araw pa siyang ihihiwalay.

34Sa ikapitong araw, susuriin siyang muli ng pari. Kung ang sugat ay hindi kumakalat sa ibang panig ng katawan, ipahahayag siya ng pari bilang malinis. Maglalaba siya ng kanyang damit at siya'y magiging malinis.

35Ngunit pagkatapos niyang makapaglinis at magkaroon muli ng sugat sa ibang panig ng katawan,

36susuriin siya ng pari. Kung kumakalat ang sugat, ang taong iyon ay ituturing na marumi kahit hindi naninilaw ang buhok sa may sugat.

37Kung sa tingin ng pari ay hindi kumakalat ang sugat at tinutubuan na ito ng itim na buhok, magaling na ang taong iyon at ituturing nang malinis.

38“Kung ang sinumang babae o lalaki ay magkaroon ng mga batik na puti sa kanyang balat,

39susuriin siya ng pari. Kung hindi masyadong maputi ang batik, an-an lamang iyon; siya'y ituturing na malinis.

40“Kung nalalagas ang buhok ng isang tao, hindi siya ituturing na marumi kahit siya'y kalbo.

41Kung malugas ang buhok sa gawing noo, siya ay kalbo rin, ngunit ituturing na malinis.

42Ngunit kung may lumitaw na mamula-mulang sugat sa kalbo niyang ulo o noo, ito'y maaaring sakit sa balat na parang ketong.

43Susuriin siya ng pari. Kung ang sugat na iyon ay tulad ng sakit sa balat na parang ketong na tumubo sa ibang bahagi ng katawan,

44ipahahayag ng pari na siya'y marumi dahil sa sakit sa balat na parang ketong na nasa kanyang ulo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

45“Ang taong may sakit sa balat na parang ketong ay dapat magsuot ng sirang damit, huwag mag-aayos ng buhok, tatakpan ang kanyang nguso at laging sisigaw ng, ‘Marumi ako! Marumi ako!’

46Hangga't siya'y may sugat, ituturing siyang marumi at sa labas ng kampo maninirahang mag-isa.”

**Tuntunin tungkol sa Mantsa sa Damit o Kagamitang Katad**

47“Kung magkaroon ng amag ang damit na lana o lino

48o ang sinulid na lana o lino na di pa nahahabi o anumang yari sa balat, at

49kung berde o mamula-mula ang amag, ito'y dapat ipakita sa pari.

50Susuriin niya ito at pitong araw na ipapatago ang damit na nagkabatik.

51Sa ikapitong araw, muli niyang titingnan ito at kung ang amag ay humawa sa ibang bahagi ng damit, maging ito'y kagamitang yari sa tela o balat, ituturing itong marumi.

52Susunugin na niya ang mga ito sapagkat ito'y nakakahawa.

53“Subalit kung hindi naman humahawa sa ibang parte ang mantsa nito, maging ito'y sa damit, sa kagamitang yari sa balat o sinulid,

54iuutos niyang labhan iyon, ngunit ipapatago pa niya nang pitong araw.

55Pagkatapos, muli itong sisiyasatin ng pari. Kung hindi pa rin nagbabago ang kulay nito, kahit hindi humahawa, ituturing na itong marumi at dapat sunugin, kahit ang amag ay nasa loob o nasa labas na bahagi ng kagamitan.

56“Ngunit kung mapuna niyang kumupas ang mantsa, ang bahaging iyo'y gugupitin niya sa damit o kagamitang yari sa tela o balat.

57At kung may lumitaw pang ibang mantsa, ang damit ay dapat nang sunugin.

58Ngunit kung malabhan ang damit, kagamitang yari sa balat o sinulid, at maalis ang mantsa, ito'y lalabhang muli at ituturing nang malinis.”

59Ito ang tuntunin tungkol sa mga amag ng anumang kasuotang damit o balat upang malaman kung marumi o malinis ang mga iyon.

## Levitico 14

**Paglilinis Matapos Gumaling sa Sakit sa Balat**

1Sinabi ni Yahweh kay Moises,

2“Ganito naman ang tuntunin sa paglilinis ng taong may sakit sa balat na parang ketong. Sa araw na siya'y lilinisin, haharap siya sa pari

3sa labas ng kampo at susuriin. Kung magaling na ang maysakit,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4 magpapakuha ang pari ng dalawang ibong buháy at malinis, kapirasong kahoy na sedar, pulang lana at hisopo.

5 Ipapapatay sa kanya ng pari ang isang ibon sa tapat ng isang bangang may tubig na galing sa bukal.

6 Itutubog niya sa dugo nito ang ibong buháy, ang kahoy na sedar, ang pulang lana at ang hisopo.

7 Ang dugo ay iwiwisik nang pitong beses sa taong may sakit sa balat at ipahahayag siya ng pari bilang malinis. Pagkatapos, paliliparin niya sa kabukiran ang ibong buháy.

8 Lalabhan ng nagkasakit ang kanyang damit, siya'y magpapakalbo at maliligo, sa gayon, ituturing na siyang malinis. Pahihintulutan na siyang makapasok sa kampo ngunit mananatili pang pitong araw sa labas ng kanyang tolda.

9 At sa ikapitong araw, aahitin niyang muli ang lahat ng buhok niya sa ulo, ang kanyang balbas at kilay at lahat ng balahibo sa katawan. Lalabhan niya ang kanyang damit at siya'y maliligo; sa gayon, magiging malinis siya.

10 “Sa ikawalong araw, magdadala siya ng tatlong tupa na isang taóng gulang at walang kapintasan; dalawa nito'y lalaki. Magdadala rin siya ng isa't kalahating salop ng mainam na harina na may halong langis at 1/3 litrong langis bilang handog na pagkaing butil.

11 Dala ang kanyang handog, isasama siya ng pari sa harapan ni Yahweh sa may pintuan ng Toldang Tipanan.

12 Itataas ng pari sa harapan ni Yahweh ang isang lalaking tupa at ang 1/3 litrong langis bilang natatanging handog na pambayad sa kasalanan.

13 Papatayin ang tupa doon sa lugar na pinagpapatayan ng mga handog para sa kapatawaran ng kasalanan at handog na susunugin sa loob ng lugar na banal. Ang handog na pambayad sa kasalanan, tulad ng handog para sa kapatawaran ng kasalanan, ay para sa pari at napakabanal.

14 Kukuha ang pari ng dugo ng handog na pambayad sa kasalanan at papahiran niya ang lambi ng kanang tainga at ang hinlalaki ng kanang kamay at paa ng taong nalilinis.

15 Pagkatapos, kukunin ng pari ang langis at magbubuhos ng kaunti sa kanyang kaliwang palad.

16 Isasawsaw niya rito ang isang daliri sa kanyang kanang kamay at pitong beses niyang wiwisikan ang harap ng altar.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17 Kukuha pa siya ng kaunting langis sa kanyang palad at kaunting dugo mula sa handog na pambayad sa kasalanan at ipapahid niya ito sa lambi ng tainga at sa hinlalaki ng kamay at paa ng taong nililinis.

18 Ang natirang langis sa kanyang palad ay ipapahid niya sa ulo ng taong nililinis bilang handog kay Yahweh para sa kapatawaran ng kasalanan.

19 “Iaalay ng pari ang handog para sa kapatawaran ng kasalanan at sa pamamagitan nito'y tutubusin ang taong nililinis. Pagkatapos, papatayin niya ang handog na susunugin

20 at ihahandog niya ito sa altar kasama ng handog na pagkaing butil. Sa gayon, matutubos ang taong iyon at magiging malinis.

21 “Kung dukha ang taong maghahandog, mag-aalay siya ng isang tupang lalaki bilang natatanging handog na pambayad sa kasalanan, kalahating salop ng harinang may halong langis bilang handog na pagkaing butil at 1/3 litrong langis.

22 Mag-aalay rin siya ng dalawang batu-bato o kalapati, ayon sa kanyang kaya; ang isa'y handog para sa kasalanan at handog na susunugin naman ang isa.

23 Pagdating ng ikawalong araw, dadalhin niya ang kanyang mga handog sa harapan ni Yahweh sa may pintuan ng Toldang Tipanan.

24 Kukunin at itataas ng pari sa harapan ni Yahweh ang tupang lalaki at ang 1/3 litrong langis bilang handog na pambayad sa kasalanan.

25 Ang tupa'y papatayin ng pari, kukuha siya ng dugo nito at ipapahid sa lambi ng kanang tainga at hinlalaki ng kanang kamay at paa ng maghahandog.

26 Magbubuhos ang pari ng kaunting langis sa kaliwang palad niya,

27 isasawsaw ang isang daliri sa kanyang kanang kamay at pitong beses niyang wiwisikan ang harap ng altar.

28 Papahiran din niya ng kaunting langis ang lambi ng kanang tainga at ang hinlalaki ng kanang kamay at paa ng taong gumaling sa sakit, doon sa mismong bahaging pinahiran ng dugong galing sa handog na pambayad sa kasalanan.

29 Ang natirang langis sa kanyang palad ay ipapahid niya sa ulo ng taong iyon bilang pantubos sa kanya sa harapan ni Yahweh.

30 Ihahandog din niya ang dalawang batu-bato o kalapati na kanyang nakayanan;

31 ang isa nito'y para sa kasalanan at ang isa naman ay para sa handog na susunugin kasama ang handog na pagkaing butil. Ito ang gagawin ng pari upang linisin ang nagkasakit.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

32Ganito ang tuntunin na dapat sundin para sa taong may sakit sa balat na parang ketong at hindi kayang maghandog ng ukol dito."

### Ang Paglilinis ng Amag na Kumakalat sa Bahay

33Sinabi ni Yahweh kina Moises at Aaron:

34"Pagdating ninyo sa Canaan, sa lupaing ibibigay ko sa inyo, at magkaroon ng amag na kumakalat ang bahay na tinitirhan ninyo,

35kailangang ipagbigay-alam agad ito sa pari.

36Ipapaalis ng pari ang lahat ng kasangkapan doon bago siya magsiyasat; kung hindi, ituturing ding marumi ang mga bagay na naroon. Pagkatapos, papasok na siya upang magsiyasat.

37Kung makita niyang may mga palatandaang bahid sa mga dingding, maging ang kulay ay berde o pula,

38lalabas agad siya at pitong araw niyang ipasasara ang bahay na iyon.

39Babalik siya sa ikapitong araw at kung ang bahid ay humawa sa dingding ng bahay,

40ipapabakbak niya ang mga batong may bahid at ipapatapon sa labas ng bayan, sa tambakan ng dumi.

41Ipapabakbak din ang palitada ng loob ng bahay at itatapon sa tambakan ng basura ang lahat ng duming makukuha.

42Ang mga batong binakbak sa loob ng bahay ay papalitan ng bago at papalitadahan nang panibago ang loob ng bahay.

43"Kung ang amag ay lumitaw na muli sa bahay matapos gawin ang lahat ng ito,

44magsisiyasat muli ang pari. Kung ang amag ay kumalat, ipahahayag na niyang marumi ang bahay na iyon.

45Ipasisira na niya ito nang lubusan at ipatatambak sa labas ng bayan sa tapunan ng basura.

46Ang sinumang pumasok sa tahanang iyon habang nakasara ay ituturing na marumi hanggang gabi.

47Ang sinumang kumain o matulog doon ay dapat magbihis at maglaba ng damit na kanyang sinuot.

48"Kung makita ng pari na hindi naman kumakalat ang amag pagkatapos palitadahang muli ang bahay, ipahahayag niyang ito'y malinis na.

49Upang lubos itong luminis, kukuha ang pari ng dalawang ibon, kapirasong kahoy na sedar, pulang lana at hisopo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

50Papatayin niya ang isa sa mga ibon at ang dugo nito'y patutuluin sa isang bangang may tubig na galing sa bukal.

51Ang kapirasong sedar, ang pulang lana, ang hisopo at ang buháy na ibon ay itutubog niya sa banga. Pagkatapos, wiwisikan niya ng pitong beses ang bahay.

52Sa gayon, magiging malinis na ito.

53Pakakawalan naman niya sa kaparangan ang buháy na ibon. Sa gayon, matutubos ang bahay at muling ituturing na malinis."

54Ito ang mga tuntunin tungkol sa sakit sa balat na parang ketong at pangangati:

55sa amag sa damit o sa bahay, at

56sa namamaga o anumang tumutubong sugat.

57Ito ang mga tuntunin upang malaman kung ang isang tao o bagay ay malinis o marumi.

# Levitico 15

### Iba't Ibang Karumihan ng Katawan

1Sinabi ni Yahweh kina Moises at Aaron,

2"Sabihin ninyo ito sa bayang Israel: Ang sinumang lalaking may tulo ay ituturing na marumi.

3At ito ang susundin niyang tuntunin malalâ man o hindi ang kanyang sakit, sapagkat siya'y itinuturing na marumi.

4Ang alinmang higaan at upuang gamitin niya ay ituturing na marumi.

5Sinumang makahipo sa higaan nito ay dapat maligo at magbihis. Lalabhan niya ang kanyang damit at ituturing siyang marumi hanggang gabi.

6Gayon din ang dapat gawin ng umupo sa inupuan ng may tulo; lalabhan din ang damit, maliligo at magbibihis at ituturing na marumi hanggang gabi.

7Ang humawak sa may sakit na tulo ay dapat maligo at magbihis; lalabhan niya ang kanyang damit, at ituturing siyang marumi hanggang gabi.

8Sinumang maduraan ng may ganitong sakit ay dapat ding maligo at magbihis; lalabhan niya ang kanyang damit at siya'y ituturing na marumi hanggang gabi.

9Ituturing ding marumi ang upuan na ginamit sa hayop na sinakyan niya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Ang sinumang makahipo sa anumang bagay na kanyang hinigan ay ituturing na marumi. Ang sinumang magdala ng kanyang inupuan ay dapat maligo at magbihis; lalabhan niya ang kanyang damit at ituturing siyang marumi hanggang gabi.

11Ang sinumang mahawakan ng lalaking may sakit na tulo na di muna naghugas ng kamay ay dapat maligo at magbihis; lalabhan niya ang kanyang damit at ituturing siyang marumi hanggang gabi.

12Ang mga sisidlang yari sa putik na mahipo niya ay dapat basagin; kung sisidlang kahoy naman, dapat itong hugasang mabuti.

13“Kung ang maysakit nito ay gumaling na, maghihintay siya ng pitong araw saka maglilinis. Sa ikapitong araw, lalabhan niya ang kanyang kasuotan at maliligo sa umaagos na batis at siya'y magiging malinis na.

14Kinabukasan, kukuha siya ng dalawang batu-bato o kaya'y dalawang kalapati at dadalhin niya sa harapan ni Yahweh, sa may pintuan ng Toldang Tipanan. Ibibigay niya ito sa pari

15upang ihandog, ang isa'y para sa kasalanan at ang isa nama'y handog na susunugin. Ganito lilinisin ng pari sa harapan ni Yahweh ang taong nagkasakit ng tulo.

16“Kapag ang isang lalaki ay nilabasan ng sariling binhi, dapat siyang maligo; ituturing siyang marumi hanggang gabi.

17Dapat labhan ang alinmang kasuotang yari sa tela o balat ng hayop na nabahiran nito, at hugasan ang alinmang bahagi ng katawan na natuluan ng binhi; iyo'y ituturing na marumi hanggang gabi.

18Pagkatapos magtalik ang isang lalaki at isang babae, dapat maligo silang pareho; sila'y ituturing na marumi hanggang gabi.

19“Ang sinumang babaing nireregla ay pitong araw na ituturing na marumi. Ituturing ding marumi hanggang gabi ang makahawak sa kanya.

20Ang anumang kanyang mahigaan o maupuan sa loob ng panahong iyon ay ituturing na marumi.

21Ang sinumang makahipo sa higaan niya ay dapat maligo, lalabhan nito ang kanyang kasuotan, at siya'y ituturing ding marumi hanggang gabi.

22Ang sinumang makahawak sa anumang maupuan ng babaing ito ay dapat ding maligo, lalabhan niya ang kanyang damit at ituturing siyang marumi hanggang gabi.

23Ang makahawak ng anumang nasa hinigaan o inupuan ng babaing iyon ay ituturing na marumi hanggang gabi.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24 Sinumang lalaking makipagtalik sa babaing may regla ay pitong araw na ituturing na marumi. Anumang kanyang mahigaan ay ituturing ding marumi.

25 “Kung ang sinumang babae ay dinudugo nang wala sa panahon, o lumampas kaya sa takdang panahon ng kanyang pagreregla, ituturing siyang marumi habang siya'y dinudugo, tulad nang siya'y nireregla.

26 Ang anumang mahigaan o maupuan niya sa loob ng panahong iyon ay ituturing na marumi, tulad din ng siya'y nireregla.

27 Ang sinumang makahipo sa mga bagay na ito ay dapat maligo; lalabhan niya ang kanyang kasuotan at ituturing siyang marumi hanggang gabi.

28 Kung huminto na ang kanyang pagdurugo, siya'y bibilang ng pitong araw mula noon at magiging malinis na siya.

29 Sa ikawalong araw, kukuha siya ng dalawang batu-bato o dalawang kalapati at dadalhin niya sa pari sa may pintuan ng Toldang Tipanan.

30 Ihahandog ang isa nito para sa kasalanan, at ang isa nama'y handog na susunugin. Sa ganitong paraan lilinisin siya ng pari sa harapan ni Yahweh.

31 “Ganito ninyo ilalayo sa karumihan ang mga taga-Israel sapagkat kung hindi ninyo ito gagawin, mamamatay sila sa paglapastangan sa tabernakulo na nasa gitna nila.”

32 Ito ang mga tuntunin para sa paglilinis ng lalaking may tulo, o nilabasan ng sariling binhi,

33 sa babaing nireregla, at sa lalaking makikipagtalik sa isang babaing itinuturing na marumi.

## Levitico 16

### Ang Araw ng Pagtubos sa Kasalanan

1 Pagkamatay ng dalawang anak ni Aaron dahil sa kanilang paglapit nang di nararapat sa harapan ni Yahweh,

2 si Moises ay kinausap ni Yahweh. Sabi niya, “Sabihin mo sa kapatid mong si Aaron na makakalapit lamang siya sa Dakong Kabanal-banalan sa loob ng tabing sa takdang panahon. Sapagkat magpapakita ako roon sa pamamagitan ng ulap sa ibabaw ng Luklukan ng Awa na nasa ibabaw ng Kaban ng Tipan. Mamamatay siya kapag siya'y sumuway.

3 Makakapasok lamang siya roon pagkatapos niyang magdala ng batang toro bilang handog para sa kasalanan at isang lalaking tupa bilang handog na susunugin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Siya'y maliligo; pagkatapos, magsusuot ng sagradong kasuotan—linong mahabang panloob na kasuotan, linong salawal, linong pamigkis, at linong turbante.

5Bibigyan siya ng mga Israelita ng dalawang lalaking kambing na ihahandog para sa kasalanan at isang lalaking tupa bilang handog na susunugin.

6“Ihahandog niya ang toro para sa kasalanan niya at ng kanyang sambahayan.

7Pagkatapos, dadalhin niya ang dalawang kambing sa harapan ni Yahweh sa may pintuan ng Toldang Tipanan.

8Sa pamamagitan ng palabunutan malalaman kung alin sa dalawa ang para kay Yahweh at alin ang para kay Azazel.

9Ang para kay Yahweh ay papatayin at iaalay tulad ng karaniwang handog para sa kasalanan.

10Ngunit ang para kay Azazel ay buháy na ihahandog sa akin bilang pantubos sa kasalanan, saka pakakawalan sa ilang para kay Azazel.

11“Ang batang toro ay papatayin ni Aaron at ihahandog para sa kasalanan niya at ng kanyang pamilya.

12Pagkatapos, kukunin niya ang lalagyan ng insenso at pupunuin ng baga buhat sa altar na sunugan ng handog. Kukuha rin siya ng dalawang dakot na pinulbos na insenso at dadalhin sa loob ng tabing.

13Upang hindi siya mamatay, ibubuhos niya ang insenso sa apoy sa harapan ko upang ang usok nito ay tumakip sa harap ng Luklukan ng Awa na nasa ibabaw ng Kaban ng Tipan.

14Kukuha siya ng dugo ng batang toro, at sa pamamagitan ng kanyang daliri ay iwiwisik ito nang minsan sa harap ng Luklukan ng Awa at pitong beses sa harap ng Kaban ng Tipan.

15“Pagkatapos, papatayin niya ang kambing bilang handog para sa kasalanan ng sambayanan. Magdadala siya ng dugo nito sa loob ng tabing at gaya ng ginawa niya sa dugo ng batang toro, iwiwisik din niya ito sa harap ng Luklukan ng Awa at sa harap ng Kaban ng Tipan.

16Sa gayong paraan, lilinisin niya ang Dakong Kabanal-banalan sa mga karumihan at kasalanan ng bayang Israel. Gayon din ang gagawin niya sa Toldang Tipanan na nahawa sa kanilang karumihan.

17Walang sinumang lalapit sa Toldang Tipanan sa sandaling pumasok doon si Aaron hanggang hindi siya lumalabas pagkatapos niyang maghandog para sa kasalanan niya, para sa kanyang pamilya at para sa kasalanan ng sambayanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Paglabas niya, pupunta siya sa altar na sunugan ng handog upang linisin din iyon. Kukuha siya ng dugo ng batang toro at ng kambing at papahiran niya ang mga sungay ng altar.

19Sa pamamagitan ng kanyang daliri, pitong beses niyang wiwisikan ang altar upang ito'y pabanalin at linisin sa kasalanan ng mga Israelita.

**Ang Kambing na Pakakawalan**

20“Pagkatapos magawâ ni Aaron ang paghahandog para sa Dakong Kabanal-banalan, sa Toldang Tipanan at sa altar na sunugan ng mga handog, kukunin niya ang pangalawang kambing.

21Ipapatong niya ang kanyang mga kamay sa ulo nito at ipahahayag ang lahat ng kasamaan, kasalanan at pagsuway ng sambayanang Israel, sa gayon, masasalin sa hayop ang lahat ng ito. Ibibigay niya ang kambing sa isang taong naghihintay doon upang dalhin iyon sa ilang.

22Tataglayin ng kambing ang kasalanan ng buong bayan at pagdating sa ilang ito'y pakakawalan.

23“Pupunta naman si Aaron sa Toldang Tipanan at doo'y huhubarin ang damit na suot niya nang pumasok sa Dakong Kabanal-banalan at iiwan ito roon.

24Maliligo siya sa isang banal na lugar at matapos magbihis ng sariling damit, ihahandog niya sa altar ang handog na susunugin para sa kanyang sarili at para sa buong bayan.

25Susunugin din niya sa ibabaw ng altar ang taba ng mga handog para sa kasalanan.

26Bago bumalik sa kampo ang taong nagdala ng kambing para kay Azazel, maliligo muna siya at maglalaba ng kanyang kasuotan.

27Ilalabas naman sa kampo ang toro at ang kambing na inihandog para sa kasalanan. Ang balat, ang laman at ang mga dumi nito ay susunugin sa labas ng kampo.

28Maglalaba ng kasuotan at maliligo ang nagsunog nito bago siya makabalik sa kampo.

**Ang Araw ng Pagdaraos Nito**

29“Ito ay tuntuning susundin ninyo magpakailanman. Tuwing ikasampung araw ng ikapitong buwan, mag-aayuno kayo at huwag magtatrabaho. Dapat itong tuparin ng lahat, maging Israelita o dayuhan,

30sapagkat sa araw na ito ay tutubusin kayo sa inyong mga kasalanan upang maging malinis kayo sa harapan ni Yahweh.

31Ito'y araw ng ganap na pamamahinga. Mag-aayuno kayo at susundin ninyo ang tuntuning ito habang panahon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

32Ang paghahandog para sa kasalanan ay gagampanan ng pinakapunong pari na nanunungkulan sa panahong iyon. Magsusuot siya ng mga sagradong kasuotang lino at

33gagawin niya ang rituwal ng paglilinis ng Dakong Kabanal-banalan, ng Toldang Tipanan, ng altar, ng mga pari at ng buong bayan.

34Ito'y batas na palaging tutuparin ng mga Israelita minsan isang taon upang mapatawad ang kanilang mga kasalanan." At ginawa nga ni Moises ang utos ni Yahweh.

## Levitico 17

### Sagrado ang Dugo

1Sinabi ni Yahweh kay Moises,

2"Sabihin mo kay Aaron, sa kanyang mga anak, at sa lahat ng Israelita, 'Ito ang iniuutos ko:

3Ang sinumang Israelita na magpapatay ng toro, tupa o kambing sa loob o labas man ng kampo

4nang hindi dinadala sa pintuan ng Toldang Tipanan upang ihandog sa akin, ay nagkakasala dahil sa dugong pinadanak niya. Dapat siyang itiwalag sa sambayanan.

5Ang layunin nito'y upang ihandog kay Yahweh ang mga hayop, sa halip na patayin sa parang. Dapat nilang dalhin iyon sa pari sa may pintuan ng Toldang Tipanan upang ihandog kay Yahweh bilang handog pangkapayapaan.

6Iwiwisik ng pari ang dugo nito sa altar sa pintuan ng Toldang Tipanan. Ang taba niyon ay susunugin at ang usok nito'y magiging mabangong samyo para kay Yahweh.

7Sa gayon, hindi na nila iaalay ang mga hayop na ito sa demonyo na anyong kambing na kanilang sinasamba. Ito'y tuntuning susundin nila at ng kanilang lahi habang panahon.'

8"Sabihin mo sa kanila na sinumang Israelita o dayuhang kasama nila ang magsunog ng handog,

9na hindi dinadala sa may pintuan ng Toldang Tipanan upang ihandog sa akin, ay ititiwalag sa sambayanan.

10"Ang sinumang kumain ng dugo ay kapopootan ko at ititiwalag ko sa sambayanan, maging Israelita o dayuhan man.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[11]Sapagkat ang buhay ay nasa dugo at iniuutos ko na dapat ihandog iyon sa altar bilang pantubos sa inyong buhay.

[12]Kaya nga, hindi ito dapat kainin ninuman, maging siya'y Israelita o dayuhan man.

[13]“At kapag ang sinuman sa inyo, maging Israelita o dayuhan ay humuli ng hayop o ibong makakain, dapat niyang itapon ang dugo niyon at tabunan ng lupa.

[14]Sapagkat ang buhay ng bawat hayop ay nasa dugo, kaya huwag kayong kakain ng dugo. Ang sinumang lumabag dito'y ititiwalag sa sambayanan.

[15]“Sinumang kumain ng hayop na namatay sa peste o pinatay ng kapwa hayop ay dapat maglaba ng kasuotan at maligo. Hanggang gabi siyang ituturing na marumi.

[16]Kung hindi niya gagawin iyon, siya'y mananagot.”

## Levitico 18

### Mga Bawal na Pagtatalik

[1]Sinabi pa ni Yahweh kay Moises,

[2]“Ito ang sabihin mo sa mga Israelita: ‘Ako si Yahweh ang inyong Diyos.

[3]Huwag ninyong gagayahin ang mga kaugalian sa Egipto na inyong pinanggalingan o ang mga kaugalian sa Canaan na pagdadalhan ko sa inyo.

[4]Ang sundin ninyo'y ang mga kautusan at tuntuning ibinigay ko sa inyo. Ako si Yahweh, ang inyong Diyos.

[5]Ang sinumang tutupad ng aking mga kautusan at tuntunin ay mabubuhay; ako si Yahweh.’

[6]“Huwag kayong makipagtalik sa malapit na kamag-anak. Ako si Yahweh.

[7]Huwag kayong makipagtalik sa inyong ina, iyan ay kahihiyan sa inyong ama. Hindi ninyo dapat halayin ang inyong ina.

[8]Huwag kayong makipagtalik sa ibang asawa ng inyong ama, inilalagay ninyo sa kahihiyan ang inyong sariling ama.

[9]Huwag kayong makipagtalik sa inyong kapatid na babae, maging siya'y anak ng inyong ama o ng inyong ina, ipinanganak man siya sa inyong lupain o sa ibang bayan.

[10]Huwag kayong makipagtalik sa inyong apo, maging sa anak ninyong lalaki o babae; iyan ay kahihiyan sa inyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Huwag kayong makipagtalik sa anak ng inyong ama sa ibang babae, sapagkat siya'y kapatid din ninyo.

12Huwag kayong makipagtalik sa kapatid na babae ng inyong ama, siya'y kadugo ng inyong ama.

13Huwag kayong makipagtalik sa kapatid na babae ng inyong ina, siya'y kadugo ng inyong ina.

14Huwag kayong makipagtalik sa asawa ng inyong tiyo, tiya mo na rin siya.

15Huwag kayong makipagtalik sa inyong manugang na babae; siya'y asawa ng inyong anak na lalaki. Hindi ninyo dapat ilagay sa kahihiyan ang inyong sariling anak.

16Huwag kayong makipagtalik sa inyong hipag; taglay niya ang kapurihan ng inyong kapatid.

17Huwag kayong makipagtalik sa anak o sa apong babae ng isang babaing nakatalik ninyo noon. Maaaring ang mga iyon ay kamag-anak ninyo, at iyan ay kahalayan.

18Hindi ninyo maaaring maging asawa ang inyong hipag kung buháy pa ang inyong asawa. Inilalagay ninyo sa kahihiyan ang iyong asawa na kanyang kapatid.

19“Huwag kayong makipagtalik sa isang babae habang siya'y may regla sapagkat siya'y marumi.

20Huwag ninyong durungisan ang inyong sarili sa pakikiapid sa asawa ng iba.

21Huwag ninyong ibibigay ang alinman sa inyong mga anak upang sunugin bilang handog kay Molec sapagkat ito'y paglapastangan sa pangalan ng inyong Diyos. Ako si Yahweh.

22Huwag kayong makipagtalik sa kapwa ninyo lalaki; iyan ay karumal-dumal.

23Huwag kayong makipagtalik sa alinmang hayop sapagkat durungisan ninyo ang inyong sarili kung gagawin ninyo ito. Hindi rin dapat pasiping ang sinumang babae sa anumang hayop; ito ay kasuklam-suklam.

24“Huwag ninyong durungisan ang inyong sarili sa alinman sa mga gawaing ito. Ganyan ang ginawa ng mga bansang nauna sa inyo, kaya ko sila sinumpa.

25Pati ang lupain nila'y naging kasuklam-suklam, kaya pinarusahan ko at itinakwil ang mga mamamayan doon.

26Kaya dapat ninyong sundin ang aking mga utos at tuntunin, at iwasan ninyo ang lahat ng gawaing ipinagbabawal ko, maging Israelita o dayuhan man kayo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Ang mga taong nauna sa inyo rito ay namuhay sa ganoong karumal-dumal na gawain kaya naging kasumpa-sumpa ang kanilang lupain.

28Kapag sila'y inyong tinularan, palalayasin din kayo sa lupaing ito, tulad ng nangyari sa kanila.

29Sapagkat ang sinumang gumawa ng alinmang karumal-dumal na gawaing ito ay dapat itiwalag sa sambayanan.

30“Sundin ninyo ang ipinag-uutos ko at huwag ninyong gagayahin ang mga kasuklam-suklam na kaugalian nila upang hindi kayo maging maruming tulad nila. Ako si Yahweh, ang inyong Diyos.”

## Levitico 19

### Mga Tuntunin tungkol sa Kabanalan at Katarungan

1Sinabi ni Yahweh kay Moises,

2“Sabihin mo sa buong sambayanan ng Israel, ‘Magpakabanal kayo, sapagkat akong si Yahweh na inyong Diyos ay banal.

3Igalang ninyo ang inyong ama at ina. Ipangilin ninyo ang Araw ng Pamamahinga. Ako si Yahweh, ang inyong Diyos.

4“Huwag kayong maglilingkod sa mga diyus-diyosan ni gagawa ng mga imahen upang sambahin. Ako si Yahweh, ang inyong Diyos.’

5“Kung maghahandog kayo sa akin ng handog pangkapayapaan, gawin ninyo iyon ayon sa mga tuntuning ibinigay ko upang maging kalugud-lugod sa akin.

6Dapat ninyong kainin iyon sa mismong araw na iyo'y inihandog o sa kinabukasan. Kung may matira ay sunugin ninyo.

7Kung iyon ay kakainin sa ikatlong araw hindi magiging karapat-dapat ang inyong handog.

8Magkakasala at dapat parusahan ang kakain niyon sapagkat iyon ay paglapastangan sa isang bagay na banal; dapat siyang itiwalag sa sambayanan.

9“Kung mag-aani kayo sa inyong bukirin, itira ninyo ang nasa gilid, at huwag na ninyong balikan ang inyong naanihan.

10Huwag ninyong pipitasing lahat ang bunga ng ubasan ni pupulutin man ang mga nalaglag, bayaan na ninyo iyon para sa mahihirap at sa mga dayuhan. Ako si Yahweh, ang inyong Diyos.

11“Huwag kayong magnanakaw, mandaraya, o magsisinungaling.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Huwag kayong manunumpa sa aking pangalan kung ito ay walang katotohanan. Iyon ay paglapastangan sa pangalan ng inyong Diyos. Ako si Yahweh.

13“Huwag ninyong dadayain o pagnanakawan ang inyong kapwa. Huwag ninyong ipagpapabukas ang pagpapasweldo sa inyong mga manggagawa.

14Huwag ninyong mumurahin ang mga bingi at lalagyan ng katitisuran ang daraanan ng mga bulag. Matakot kayo sa Diyos. Ako si Yahweh.

15“Huwag kayong hahatol nang hindi makatarungan. Huwag ninyong kikilingan ang mahihirap o kaya'y katatakutan ang mayayaman. Humatol kayo batay sa katuwiran.

16Huwag kayong magkakalat ng anumang nakakasira ng puri ng inyong kapwa, ni sasaksi laban sa inyong kapwa upang ipahamak lamang siya. Ako si Yahweh.

17“Huwag kayong magtatanim ng galit sa iyong kapwa. Sa halip, makipagkasundo ka sa kanya. Sa gayon, hindi ka magkakasala dahil sa kanya.

18Huwag kang maghihiganti o magtatanim ng galit sa iyong mga kababayan. Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili. Ako si Yahweh.

19“Sundin ninyo ang aking mga tuntunin. Huwag ninyong palalahian ang hayop na inyong alaga sa hayop na di nito kauri. Huwag din kayong maghahasik ng dalawang uri ng binhi sa isang bukid. Huwag kayong magsusuot ng damit na yari sa dalawang uri ng sinulid.

20“Kung ang isang lalaki'y sumiping sa kanyang aliping babae na nakatakdang pakasal sa iba ngunit di pa natutubos o napapalaya, dapat itong siyasatin. Hindi sila dapat patayin, sapagkat di pa napapalaya ang aliping babae,

21ngunit ang lalaki'y magdadala ng isang tupang lalaki bilang handog na pambayad sa kanyang kasalanan. Dadalhin niya ito sa pintuan ng Toldang Tipanan

22at ihahandog ng pari. Sa gayon, siya'y patatawarin.

23“Pagdating ninyo sa lupaing ibibigay ko sa inyo, tatlong taon kayong hindi kakain ng bunga ng mga punong tanim ninyo roon.

24Sa ikaapat na taon, ang mga bunga nito'y ihahandog ninyo sa akin bilang pasasalamat.

25Sa ikalimang taon, makakain na ninyo ang mga bunga nito, at ang mga ito'y mamumunga nang sagana. Ako si Yahweh, ang inyong Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26“Huwag kayong kakain ng anumang karneng may dugo. Huwag kayong manghuhula o mangkukulam.

27Huwag kayong pagugupit nang pabilog at huwag magpapaahit o magpapaputol ng balbas.

28Huwag kayong maghihiwa sa katawan dahil sa isang namatay ni maglalagay ng tatú. Ako si Yahweh.

29“Huwag ninyong itutulak ang inyong mga anak na babae sa pagbebenta ng panandaliang-aliw sa templo sapagkat iyon ang magiging dahilan ng paglaganap ng kahalayan sa buong lupain.

30Igalang ninyo ang Araw ng Pamamahinga at ang aking santuwaryo. Ako si Yahweh.

31“Huwag kayong sasangguni sa mga kumakausap sa mga espiritu ng mga namatay o sa mga manghuhula. Kayo'y ituturing na marumi kapag sumangguni kayo sa kanila. Ako si Yahweh, ang inyong Diyos.

32“Tatayo kayo kapag may kaharap na matanda. Igalang ninyo sila at matakot kayo sa Diyos. Ako si Yahweh.

33“Huwag ninyong aapihin ang mga dayuhang kasama ninyo.

34Ibigin ninyo sila at ituring na kapatid. Alalahanin ninyong naging mga dayuhan din kayo sa Egipto. Ako si Yahweh, ang inyong Diyos.

35“Huwag kayong mandaraya sa pagsukat, pagtitimbang o pagbilang ng anuman.

36Ang inyong timbangan, kiluhan, sukatan ng harina, at sukatan ng langis ay kailangang walang daya. Ako ang nag-alis sa inyo sa Egipto. Ako si Yahweh, ang inyong Diyos.

37Sundin ninyo ang lahat kong tuntunin at kautusan. Ako si Yahweh.”

## Levitico 20

### Mga Parusa sa Lalabag sa Tuntunin

1Sinabi ni Yahweh kay Moises,

2“Sabihin mo sa mga Israelita na ang sinuman sa Israel, katutubo o dayuhan, na mag-aalay ng kanyang anak bilang handog kay Molec ay babatuhin hanggang sa mamatay.

3Kasusuklaman ko siya at ititiwalag sa sambayanan ng Israel. Dahil sa kanyang ginawa, dinungisan niya ang banal kong tahanan at nilapastangan ang aking banal na pangalan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Kapag ipinagwalang-bahala ng mga taong-bayan ang ganoong kasamaan at hindi nila pinatay ang gumawa niyon,

5kasusuklaman ko ang taong iyon at ang kanyang sambahayan. Ititiwalag ko rin sa sambayanan ang mga sumasamba kay Molec.

6"Ang sinumang sumasangguni sa mga kumakausap sa mga espiritu ng mga namatay na o sa mga manghuhula ay kasusuklaman ko at ititiwalag sa sambayanan.

7Ilaan ninyo sa akin ang inyong sarili at magpakabanal kayo sapagkat akong si Yahweh ang inyong Diyos.

8Ingatan ninyo at sundin ang aking mga tuntunin. Ako si Yahweh. Inilalaan ko kayo para sa akin.

9"Ang sinumang magmura sa kanyang ama at ina ay dapat patayin. Mananagot ang sinumang lumait sa kanyang ama at ina.

10"Ang lalaking mangangalunya sa asawa ng iba ay dapat patayin, gayundin ang babae.

11Inilalagay sa kahihiyan ng isang lalaki ang kanyang sariling ama kung siya'y nakikipagtalik sa ibang asawa nito; siya at ang babae'y dapat patayin.

12Ang lalaking nakikipagtalik sa kanyang manugang ay nagkasala, at pareho silang dapat patayin.

13Ang lalaking nakikipagtalik sa kapwa lalaki ay gumagawa ng karumal-dumal na gawain at pareho silang dapat patayin.

14Ang lalaking makipag-asawa sa isang babae at sa ina nito ay karumal-dumal; silang tatlo ay dapat sunugin upang mawala ang gayong kasamaan.

15Ang lalaking nakipagtalik sa hayop ay dapat patayin, gayundin ang hayop.

16Ang babaing nakipagtalik sa hayop ay dapat patayin, gayundin ang hayop.

17"Ang lalaking nag-asawa sa kanyang kapatid, maging ito'y kapatid sa ama o ina, at sila'y nagsama ay gumawa ng isang kahihiyan. Dapat silang itiwalag sa sambayanan. Nilagay niya ang kanyang kapatid sa kahihiyan, kaya dapat siyang parusahan.

18Kapag nakipagtalik ang isang lalaki sa babaing may regla, nilabag nila ang tuntunin tungkol sa karumihan. Kapwa sila ititiwalag sa sambayanan.

19"Kapag nakipagtalik ang isang lalaki sa kapatid ng kanyang ama o ina, sila'y nagkasala at dapat parusahan.

20Kapag ang isang lalaki'y nakipagtalik sa asawa ng kanyang tiyo, dinungisan niya ang dangal nito. Ang lalaking iyon at ang babae ay nagkasala at dapat parusahan; mamamatay silang walang anak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Kapag kinasama ng isang lalaki ang kanyang hipag, dinungisan niya ang dangal ng kanyang kapatid. Mamamatay silang walang anak.

22“Sundin ninyo ang lahat ng utos at tuntunin ko upang hindi kayo mapalayas sa lupaing pagdadalhan ko sa inyo.

23Huwag ninyong tularan ang gawain ng bansang pupuntahan ninyo sapagkat iyon ang dahilan kaya ko sila itinakwil.

24Ngunit kayo'y pinangakuan ko na ibibigay ko sa inyo ang kanilang lupain, isang lupain na mayaman at sagana sa lahat ng bagay. Ako si Yahweh, ang inyong Diyos. Pinili ko kayo sa mga bansa.

25Kaya, dapat ninyong makilala ang marumi at malinis na mga hayop at ibon. Huwag ninyong dudungisan ang inyong mga sarili sa pagkain ng mga hayop at ibong ipinagbabawal ko sa inyo.

26Magpakabanal kayo sapagkat akong si Yahweh ay banal. Kayo'y pinili ko sa gitna ng mga bansa upang maging akin.

27“Sinumang kumakausap sa mga espiritu ng mga patay na o mga manghuhula, maging lalaki o babae, ay babatuhin hanggang sa mamatay. Sila na rin ang may kagagawan sa sarili nilang kamatayan.”

## Levitico 21

### Pag-iingat sa Kabanalan ng Pari

1Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Sabihin mo sa mga pari, sa mga anak ni Aaron, na ang sinuman sa kanila'y huwag lalapit sa patay,

2liban na lang kung ang patay ay kanyang ama, ina, anak, kapatid na lalaki

3o kapatid na dalaga na kasama niya sa bahay.

4Dapat niyang pag-ingatan na siya'y huwag marumihan sa pamamagitan ng bangkay ng kanyang mga kamag-anak sa asawa upang hindi malapastangan ang kanyang pagiging pari.

5“Huwag silang magpapakalbo, magpuputol ng balbas, o maghihiwa sa sarili upang ipakita lamang na sila'y nagluluksa.

6Ingatan nilang malinis ang kanilang sarili sa harapan ng Diyos at huwag nilang lalapastanganin ang pangalan ng Diyos. Sila ang naghahain ng handog sa akin, kaya dapat silang maging banal.

7Huwag silang mag-aasawa ng babaing nagbebenta ng aliw sa mga sagradong lugar, o kaya'y babaing hiniwalayan at pinalayas ng kanilang asawa, sapagkat nakalaan sa Diyos ang mga pari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8 Ituring ninyong banal ang pari sapagkat siya ang naghahandog ng pagkain sa akin; dapat siyang maging banal sapagkat akong si Yahweh ay banal kaya't ginawa ko kayong banal.

9 Kung ang babaing anak ng pari ay mamuhay nang may kahalayan, nilapastangan niya ang kanyang ama, kaya dapat siyang sunugin.

10 “Kung ang nahirang na pinakapunong pari, na binuhusan ng langis sa ulo at itinalagang magsuot ng sagradong kasuotan, ay mamatayan ng kamag-anak, huwag niyang guguluhin ang kanyang buhok ni pupunitin ang kanyang damit bilang tanda ng pagluluksa.

11 Hindi siya maaaring lumapit sa patay kahit ito'y kanyang ama o ina.

12 Dapat siyang manatili sa santuwaryo ng kanyang Diyos. Kapag umalis siya roon upang tingnan ang bangkay, nilapastangan na niya ang santuwaryo ng Diyos dahil nakalaan na siya sa Diyos. Ako si Yahweh.

13 Isang birhen ang dapat mapangasawa ng pinakapunong pari.

14 Hindi siya dapat mag-aasawa ng balo, hiwalay sa asawa, dalagang nadungisan na ang puri o babaing nagbebenta ng aliw. Ang dapat niyang mapangasawa'y isang kalahi at wala pang nakakasiping,

15 upang huwag magkaroon ng kapintasan sa harapan ng bayan ang magiging mga anak niya. Ako si Yahweh; inilaan ko siya para sa akin.”

16 Sinabi pa ni Yahweh kay Moises,

17 “Sabihin mo rin kay Aaron na ang sinuman sa lahi niya na may kapintasan o kapansanan ay hindi kailanman nararapat mag-alay ng handog sa akin.

18 Hindi maaaring lumapit sa altar ang sinumang bulag, pilay, may sira ang mukha, at may kapansanan sa katawan,

19 may bali sa paa o kamay,

20 may depekto sa mata, may sakit sa balat, kuba, unano, o isang kapon.

21 Sinumang may kapintasan sa lahi ni Aaron ay hindi maaaring maghandog kay Yahweh. Hindi nga siya maaaring maghain ng pagkaing handog dahil sa kanyang kapintasan.

22 Maaari siyang kumain ng anumang handog sa Diyos, maging ito'y ganap na sagradong handog o sagradong handog,

23 ngunit hindi siya maaaring lumapit sa altar dahil sa kanyang kapintasan. Kapag lumapit siya sa altar, iyon ay paglapastangan sa aking santuwaryo. Ako si Yahweh, ginawa kong banal ang mga iyon.”

24 Gayon nga ang sinabi ni Moises kay Aaron, sa mga anak nito at sa buong Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Levitico 22

### Paggalang sa mga Bagay na Inihandog

1Sinabi pa ni Yahweh kay Moises,

2“Sabihin mo kay Aaron at sa kanyang mga anak na dapat nilang igalang ang mga bagay na inilaan sa akin ng mga Israelita upang hindi malapastangan ang aking pangalan. Ako si Yahweh.

3Sabihin mong hindi na makakapaglingkod pang muli sa aking harapan ang sinuman sa kanyang lahi na lalapit doon nang marumi ayon sa tuntunin. May bisa ang tuntuning ito sa buong panahon ng inyong lahi. Ako si Yahweh.

4“Ang sinuman sa angkan ni Aaron na may sakit sa balat na parang ketong o kaya'y may tulo ay hindi dapat kumain ng anumang bagay na banal hanggang hindi siya gumagaling. Sinumang makahawak ng bagay na naging marumi dahil sa bangkay, o dahil sa lalaking nilabasan ng sariling binhi,

5sa mga hayop o taong itinuturing na marumi,

6ay ituturing na marumi hanggang kinagabihan. Hindi siya makakakain ng pagkaing banal hanggang hindi siya nakakapaligo.

7Paglubog ng araw, ituturing na siyang malinis, at makakakain na ng pagkaing banal na inilaan sa kanya.

8Ang mga pari ay hindi rin maaaring kumain ng karne ng hayop na namatay o pinatay ng kapwa hayop sapagkat iyon ang makapagpaparumi sa kanila. Ako si Yahweh.

9“Dapat sundin ng mga pari ang mga tuntuning ito; kung hindi, magkakasala sila at mamamatay. Ako si Yahweh; inilaan ko sila para sa akin.

10“Hindi makakakain ng anumang bagay na banal ang hindi ninyo kalahi. Hindi maaaring kumain nito ang mga nanunuluyan sa pari o bayarang manggagawa.

11Ngunit ang aliping binili niya, o ipinanganak sa kanyang tahanan ay maaaring kumain niyon.

12Hindi rin maaaring kumain nito ang babaing anak ng pari kung nag-asawa siya ng hindi pari.

13Ngunit kung siya'y mabalo o hiwalayan ng asawa nang walang anak at umuwi sa kanyang ama, makakakain na siya ng pagkain ng kanyang ama. Hindi dapat kumain ng pagkaing banal ang hindi kabilang sa pamilya ng pari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14“Kung ang sinumang hindi pari ay makakain nito nang di sinasadya, babayaran niya at may patong pang ikalimang parte ng halaga ng kanyang kinain.

15Dapat ingatang mabuti ng mga pari ang mga banal na bagay na inihandog ng mga Israelita para kay Yahweh.

16Huwag nila itong ipapakain sa mga hindi kabilang sa kanilang angkan sapagkat kapag kumain sila nito, sila'y lumalabag sa tuntunin, at pananagutan nila iyon. Ako si Yahweh. Ginawa kong sagrado ang mga iyon.”

17Sinabi pa ni Yahweh kay Moises,

18“Sabihin mo kay Aaron, sa kanyang mga anak, at sa lahat ng Israelita: Kung may Israelita o dayuhang magdadala ng handog na susunugin bilang pagtupad sa panata o kusang-loob na handog,

19ang dadalhin niya ay toro, lalaking tupa o kambing na walang kapintasan upang ito'y maging kalugud-lugod.

20Huwag kayong maghahandog ng anumang bagay na may kapintasan, sapagkat hindi iyon kalugud-lugod.

21Kailangan ding walang kapintasan ang baka, tupa o kambing na dadalhin bilang handog pangkapayapaan, ito man ay pagtupad sa panata o kusang-loob.

22Huwag kayong magdadala sa altar ng baka, tupa o kambing na bulag, pilay, may galis at kati o may anumang kapansanan bilang handog na susunugin.

23Ang alinmang toro o tupang tabingi ang katawan o bansot ay madadala bilang kusang-loob na handog ngunit hindi maihahandog bilang pagtupad sa panata.

24Huwag kayong maghahandog ng hayop na kinapon o may kapansanan ang itlog. Hindi ito dapat pahintulutan sa inyong lupain.

25“Huwag din kayong tatanggap mula sa mga dayuhan ng hayop upang ihandog kay Yahweh. Huwag ninyong tatanggapin ang mga iyon sapagkat ang mga ito'y may kapintasan.”

26Sinabi rin ni Yahweh kay Moises,

27“Ang bisirong baka, tupa o kambing ay dapat manatili nang pitong araw sa piling ng inahin. Mula sa ikawalong araw, maaari na itong ialay kay Yahweh bilang handog na susunugin.

28Huwag ninyong papatayin ang inahin sa araw na patayin ninyo ang bisiro.

29Ang paghahain ng handog ng pasasalamat ay gawin ninyo ayon sa tuntunin upang kayo'y maging kalugud-lugod.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Kakainin ninyo ito sa araw ring iyon. Huwag kayong magtitira para sa kinabukasan. Ako si Yahweh.

31“Sundin ninyong mabuti ang mga tuntuning ibinigay ko sa inyo. Ako si Yahweh.

32Huwag ninyong lalapastanganin ang aking pangalan. Sa halip, ako'y inyong dakilain sapagkat ako si Yahweh. Inilaan ko kayo para sa akin.

33Ako ang naglabas sa inyo sa Egipto upang maging inyong Diyos. Ako si Yahweh.”

## Levitico 23

### Mga Itinakdang Kapistahan

1Sinabi ni Yahweh kay Moises,

2“Ipahayag mo sa mga Israelita ang mga pistang itinakda ko; ipangingilin nila ang mga banal na pagtitipong ito, at magkakaroon sila ng banal na pagpupulong.

3Anim na araw kayong magtatrabaho, ngunit sa ikapitong araw kayo'y magpapahinga. Iyon ay araw ng banal na pagtitipon. Huwag magtatrabaho ang sinuman sa inyo, saanman kayo naroroon; iyon ay Araw ng Pamamahinga para kay Yahweh.

### Pista ng Paskwa

(Bil. 28:16-25)

4“Ito ang mga pistang itinakda ko:

5ang Pista ng Paskwa na gaganapin sa gabi ng ikalabing apat na araw ng unang buwan.

6Kinabukasan ay Pista ng Tinapay na Walang Pampaalsa; pitong araw kayong kakain ng tinapay na walang pampaalsa.

7Sa unang araw, magkakaroon kayo ng banal na pagtitipon; huwag kayong magtatrabaho.

8Pitong araw kayong mag-aalay kay Yahweh ng handog na susunugin. Sa ikapitong araw, muli kayong magkakaroon ng banal na pagtitipon; huwag kayong magtatrabaho.”

9Sinabi pa ni Yahweh kay Moises,

10“Sabihin mo rin sa mga Israelita na kapag naroon na sila sa lupaing ibibigay ko sa kanila, tuwing anihan ay magdadala sila sa pari ng isang bigkis ng una nilang ani.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Ito'y iwawagayway niya sa harapan ni Yahweh upang kayo'y maging kalugud-lugod sa kanya. Gagawin ito kinabukasan ng Araw ng Pamamahinga.

12Sa araw na iyon, magdadala kayo ng isang lalaking korderong walang kapintasan at isang taon pa lang bilang handog na susunugin.

13Sasamahan ninyo ito ng isang salop ng harinang minasa sa langis ng olibo bilang handog na pagkaing butil, at isang litrong alak bilang handog na inumin. Ang halimuyak ng handog na ito ay magiging mabangong samyo kay Yahweh.

14Huwag kayong kakain ng tinapay o trigo, maging sinangag o sariwa, hanggang hindi ninyo nagagawa ang paghahandog na ito. Ito ay tuntuning susundin ninyo habang panahon.

**Pista ng Pag-aani**

(Bil. 28:26-31)

15"Mula sa kinabukasan ng Araw ng Pamamahinga, araw ng pagdadala ninyo ng bigkis na ani, magpapalipas kayo ng pitong linggo;

16ang ikalimampung araw ay tatama sa kinabukasan ng Araw ng Pamamahinga. Sa araw na iyon, magdadala kayo ng handog na pagkaing butil:

17dalawang tinapay na may pampaalsa, isang salop ng harina ng bagong aning trigo ang gagamitin dito. Ito ang handog ninyo mula sa unang ani.

18Magdadala rin kayo ng pitong tupa na tig-iisang taóng gulang na walang kapintasan, isang toro at dalawang kambing. Ito'y susunuging kasama ng handog na pagkaing butil at handog na inumin upang ang usok nito'y maging mabangong samyo sa akin.

19Magdadala pa kayo ng isang kambing na lalaki bilang handog para sa kapatawaran ng kasalanan at dalawang kordero na tig-iisang taóng gulang bilang handog pangkapayapaan.

20Ang mga ito'y ihahandog ng pari, kasama ng dalawang kordero at dalawang tinapay na yari sa trigong bagong ani.

21Sa araw ring iyon, tatawag kayo ng isang banal na pagtitipon; isa ma'y walang magtatrabaho. Ang tuntuning ito ay susundin ninyo habang panahon.

22"Huwag ninyong aanihin ang nasa gilid ng triguhan at huwag din ninyong pupulutin ang inyong naiwang uhay. Ipaubaya na ninyo iyon sa mga mahihirap at sa mga dayuhan. Ako si Yahweh, ang inyong Diyos."

**Pista ng mga Trumpeta**

(Bil. 29:1-6)

23Sinabi pa ni Yahweh kay Moises,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24“Sabihin mo sa mga Israelita na ang unang araw ng ikapitong buwan ay Araw ng Pamamahinga, araw ng inyong banal na pagtitipon. Ipapaalam ito sa pamamagitan ng tunog ng mga trumpeta.

25Sa araw na iyon, huwag kayong magtatrabaho; kayo'y magdadala kay Yahweh ng pagkaing handog.”

### Ang Araw ng Pagtubos sa Kasalanan

(Bil. 29:7-11)

26Sinabi pa rin ni Yahweh kay Moises,

27“Ang ikasampung araw ng ikapitong buwan ay Araw ng Pagtubos sa Kasalanan. Sa araw na iyon ng inyong banal na pagtitipon, mag-ayuno kayo at mag-alay ng pagkaing handog.

28Huwag kayong magtatrabaho sa araw na iyon sapagkat iyon ay Araw ng Pagtubos sa Kasalanan. Ito'y isasagawa bilang pagtubos sa inyong pagkakasala sa harapan ni Yahweh na inyong Diyos.

29Ang hindi mag-aayuno sa araw na iyon ay ititiwalag sa sambayanan ng Diyos.

30Pupuksain ko sa harapan ng madla ang sinumang magtrabaho,

31kaya huwag kayong magtatrabaho sa araw na iyon. Ito ay batas na dapat ninyong sundin sa habang panahon saanman kayo naroroon.

32Sa araw na iyon, kayo ay dapat magpahinga at huwag nga kayong magtatrabaho mula sa gabi ng ikasiyam na araw hanggang sa kinabukasan ng hapon. At mag-aayuno kayo sa mga araw na iyon.”

### Pista ng mga Tolda

(Bil. 29:12-40)

33Sinabi pa ni Yahweh kay Moises,

34“Sabihin mo rin ito sa mga Israelita: Mula sa ikalabing limang araw ng ikapitong buwan, magsisimula ang Pista ng mga Tolda. Pitong araw ninyo itong ipagdiriwang.

35Sa unang araw, magkaroon kayo ng banal na pagtitipon, at huwag kayong magtatrabaho.

36Pitong araw kayong maghahandog kay Yahweh ng handog na pagkain. Sa ikawalong araw, muli kayong magtitipon upang sumamba at mag-aalay ng pagkaing handog. Iyon ay banal na pagtitipon, kaya huwag kayong magtatrabaho.

37“Iyan ang mga pistang itinakda ni Yahweh, mga araw ng inyong banal na pagtitipon. Sa mga araw na iyon, magdadala kayo ng handog na susunugin,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

handog na pagkaing butil, at handog na inumin ayon sa itinakda ng bawat araw.

38Bukod ito sa mga karaniwang Araw ng Pamamahinga, at ang mga handog na ito ay iba pa sa mga pang-araw-araw na handog kay Yahweh, at sa mga kusang handog ninyo, o mga handog na ginagawa ninyo bilang pagtupad ng panata.

39“Sa ikalabing limang araw ng ikapitong buwan, pagkatapos ng pag-aani, pitong araw pa kayong magpipista para kay Yahweh. Huwag kayong magtatrabaho sa una at ikawalong araw.

40Sa unang araw, pipitas kayo ng mabubuting bungangkahoy, mga sanga ng palmera at mayayabong na sanga ng kahoy sa tabing-ilog. Pitong araw kayong magdiriwang bilang parangal kay Yahweh na inyong Diyos.

41Ang pistang ito ay ipagdiriwang ninyo sa loob ng pitong araw tuwing ikapitong buwan taun-taon. Ito ay tuntuning susundin ninyo habang panahon.

42Sa buong panahon ng pistang ito, lahat ng Israelita ay sa tolda maninirahan

43upang malaman ng inyong mga anak na sa mga tolda tumira ang mga Israelita nang ilabas ko sila sa Egipto. Ako si Yahweh, ang inyong Diyos.”

44Gayon nga inihayag ni Moises sa mga Israelita ang mga kapistahan upang parangalan si Yahweh.

## Levitico 24

### Ang mga Ilawan
(Exo. 27:20-21)

1Sinabi ni Yahweh kay Moises,

2“Iutos mo sa mga Israelita na magdala ng dalisay na langis ng olibo upang patuloy na magningas ang ilawan

3sa labas ng tabing, sa loob ng Toldang Tipanan. Ang mga ilaw na iyon ay sisindihan ni Aaron tuwing hapon at pananatilihing may sindi hanggang umaga. Ito ay tuntuning susundin ninyo habang panahon.

4Pangangalagaan niya ang mga ilaw na ito na nasa patungang ginto upang manatiling maningas sa harapan ni Yahweh.

### Ang Sagradong mga Tinapay

5“Magluluto kayo ng labindalawang tinapay; isang salop ng mainam na harina ang gagamitin sa bawat isa.

6Ang mga ito ay ihahanay nang tig-aanim sa ibabaw ng mesang ginto.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Bawat hanay ay lalagyan ng dalisay na insenso at pagkatapos ay susunugin bilang handog kay Yahweh.

8Tuwing Araw ng Pamamahinga, ang tinapay na ito ay ihahandog kay Yahweh. Ito'y gagawin ng bayang Israel sa habang panahon.

9Pagkatapos ihandog, ang mga tinapay na iyon ay ibibigay kay Aaron at sa kanyang mga anak. Kakainin nila iyon sa isang banal na lugar sapagkat iyon ay inilaan kay Yahweh. Ito ay tuntuning dapat sundin habang panahon."

**Paglapastangan at Kaparusahan**

10-11Nang panahong iyon, may isang lalaking pumasok sa kampo ng Israel. Ang ama niya ay isang Egipcio at Israelita naman ang kanyang ina na ang pangala'y Selomit, isa sa mga anak ni Debri at mula sa lipi ni Dan. Ang anak ng mga ito ay napaaway sa isang tunay na Israelita. Sa kanilang pag-aaway, nagmura siya at nagsalita ng masama laban sa pangalan ni Yahweh, kaya dinala siya kay Moises.

12Siya ay ipinakulong habang hinihintay ang pasya ni Yahweh.

13At sinabi ni Yahweh kay Moises,

14"Ilabas ninyo sa kampo ang nagmura. Ipatong sa ulo niya ang kamay ng lahat ng nakarinig sa kanya, at pagkatapos ay batuhin siya hanggang mamatay.

15Sabihin mo sa bayang Israel na mananagot ang sinumang lumapastangan sa kanyang Diyos.

16Ang lumapastangan sa pangalan ni Yahweh, maging katutubong Israelita o dayuhan, ay babatuhin ng taong-bayan hanggang sa mamatay.

17"Ang sinumang pumatay ng kapwa ay papatayin din.

18Kung hayop naman ang pinatay niya, papalitan niya iyon; kapag buhay ang inutang buhay rin ang kabayaran.

19"Ang makapinsala sa kapwa ay pipinsalain din, tulad ng kanyang ginawa.

20Baling buto sa baling buto, mata sa mata, ngipin sa ngipin. Kung ano ang ginawa niya, gayundin ang gagawin sa kanya.

21Ang makapatay ng hayop ng kanyang kapwa ay kinakailangang magbabayad ng hayop din, ngunit ang pumatay ng kapwa tao ay dapat patayin din.

22Iisa ang batas na paiiralin sa mga katutubong Israelita at sa mga dayuhan. Ako si Yahweh, ang inyong Diyos."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[23]Nang masabi na ito ni Moises, inilabas nila sa kampo ang lumapastangan at binato hanggang mamatay. Sinunod ng mga Israelita ang mga utos ni Yahweh na ibinigay niya kay Moises.

# Levitico 25

### Ang Taon ng Pamamahinga

(Deut. 15:1-11)

[1]Sinabi pa ni Yahweh kay Moises nang sila'y nasa Bundok ng Sinai,

[2]"Sabihin mo sa mga Israelita na pagpasok nila sa lupaing ibinigay ko sa inyo, pati ang lupain ay pagpapahingahin tuwing ikapitong taon upang parangalan si Yahweh.

[3]Anim na taon ninyong tatamnan ang inyong bukirin at aalagaan ang mga ubasan.

[4]Ang ikapitong taon ay taon ng lubos na pamamahinga ng lupain, isang taóng nakatalaga para kay Yahweh. Huwag ninyong tatamnan sa taóng iyon ang inyong bukirin

[5]at huwag pipitasan ang mga punong ubas na hindi naalagaan.

[6]Ang lahat ng maaani roon ay para sa lahat: sa inyo, sa inyong mga alipin, sa mga bayarang manggagawa, sa mga dayuhan,

[7]sa inyong mga kawan at iba pang mga hayop.

### Ang Taon ng Paglaya

[8]"Bibilang kayo ng pitong tigpipitong taon, bale apatnapu't siyam na taon.

[9]Pagkalipas nito, sa ikasampung araw ng ikapitong buwan na siyang Araw ng Pagtubos sa Kasalanan, hihipan nang malakas ang trumpeta sa buong lupain.

[10]Sa ganitong paraan, itatangi ninyo ang ikalimampung taon; ipahahayag ninyong malaya ang lahat sa buong lupain. Ito ay inyong Taon ng Paglaya; ang alipin ay babalik sa kanyang sariling tahanan at ang lupaing naipagbili ay isasauli sa dating may-ari.

[11]Sa buong taóng iyon, huwag kayong magtatanim sa inyong bukirin. Huwag din ninyong aanihin ang bunga ng mga punong ubas na hindi naalagaan.

[12]Sapagkat ito'y taon ng pagdiriwang at ito ay sagrado para sa inyo. Ang inyong kakainin ay ang mga halaman na kusang tumubo sa bukid.

[13]"Sa taóng iyon, ang lahat ng ari-ariang naipagbili ay isasauli sa dating may-ari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Kaya't kung magbebenta kayo o bibili sa inyong kapwa, huwag kayong mandaraya.

15Magbabayad kayo ayon sa dami ng taon mula sa huling taon ng paglaya, at magbebenta naman ayon sa dami ng taon ng pamumunga bago dumating ang kasunod na Taon ng Paglaya.

16Kung matagal pa, mataas ang halaga; kung iilang taon na lamang, mas mababa ang halaga sapagkat ang batayan ay ang dami ng maaani sa lupa.

17Huwag kayong magdadayaan; sa halip ay matakot kayo sa akin. Ako si Yahweh, ang inyong Diyos.

18“Kaya iingatan ninyo ang mga tuntunin at inyong tutuparin ang aking mga utos, upang kayo'y manatiling matatag sa lupaing pupuntahan ninyo.

19Sa gayon, mag-aani kayo nang sagana; hindi kayo magugutom at magiging tiwasay ang pamumuhay ninyo sa lupaing iyon.

20Huwag kayong mag-alala sa kakainin ninyo sa ikapitong taon kung hindi kayo magtatanim.

21Pasasaganain ko ang inyong ani tuwing ikaanim na taon, at magiging sapat iyon para sa tatlong taon.

22Kayo'y magtatanim na sa ikawalong taon ngunit ang dati pa rin ninyong inani ang kakainin ninyo hanggang sa anihan ng ikasiyam na taon.

**Paglaya ng Ari-arian**

23“Hindi ninyo maipagbibili nang lubusan ang lupain sapagkat iyon ay akin; pinatitirhan ko lamang sa inyo iyon.

24Kaya, maipagbili man ang alinmang bahagi ng inyong lupain, iyon ay maaaring tubusin ng dating may-ari.

25“Kung sa inyo'y may maghirap at mapilitang magbenta ng kanyang ari-arian, iyon ay dapat tubusin agad ng pinakamalapit niyang kamag-anak.

26Kung wala siyang kamag-anak na makakatubos niyon, siya na rin ang tutubos kapag umunlad uli ang kanyang kabuhayan.

27Ibabalik niya sa bumili ang katumbas na halaga ng nalalabing taon bago dumating ang Taon ng Paglaya. Sa gayon, maibabalik sa kanya ang kanyang ari-arian.

28Ngunit kung wala pa siyang sapat na pantubos, mananatili iyon sa bumili hanggang sa Taon ng Paglaya, at sa taóng iyon, ang ari-arian niya'y ibabalik sa kanya nang walang bayad.

29“Kung may magbenta ng kanyang bahay na nasa loob ng lunsod na napapaderan, matutubos niya iyon sa loob ng isang taon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Kung hindi niya matubos iyon sa loob ng isang taon, ang bahay ay magiging lubos nang pag-aari ng nakabili kahit sumapit pa ang Taon ng Paglaya.

31Ang mga ipinagbiling bahay sa labas ng lunsod na napapaderan ay tulad ng lupang ipinagbili na maaaring matubos o kaya'y maisauli pagdating ng Taon ng Paglaya.

32Ngunit ang mga bahay sa mga lunsod ng mga Levita, na kanilang ipinagbili ay maaari nilang tubusin kahit kailan.

33Kung ayaw gamitin ng isang Levita ang karapatang ito, maibabalik iyon sa kanya pagdating ng Taon ng Paglaya kung ito'y nasa kanyang lunsod. Sapagkat ang mga gusaling tulad nito, ay lubos na pag-aari ng mga Levita, bilang kanilang bahagi sa bansang Israel.

34Ngunit ang mga pastulan sa palibot ng kanilang mga lunsod ay hindi maaaring ipagbili, sapagkat iyo'y pag-aari nila magpakailanman.

**Pagpapautang sa Mahihirap**

35“Kung ang isang kababayan ninyo ay naghirap at hindi na niya kayang buhayin ang sarili, kupkupin ninyo siya tulad ng isang dayuhang nakikipamayan sa inyo.

36Huwag ninyo siyang patutubuan kung siya'y mangutang sa inyo. Matakot kayo sa Diyos, at hayaan ninyo itong mabuhay na kasama ninyo.

37Huwag ninyong patutubuan ang pera o pagkaing inutang niya sa inyo.

38Ako si Yahweh, ang inyong Diyos na nagpalaya sa inyo sa Egipto upang ibigay sa inyo ang Canaan at upang maging Diyos ninyo.

**Paglaya ng mga Alipin**

39“Kung dahil sa labis na kahirapan ay mapilitan ang isang Israelita na ipagbili sa inyo ang kanyang sarili, huwag ninyo siyang ituturing na alipin.

40Ituring ninyo siyang katulong o dayuhang upahan, at maglilingkod siya sa inyo hanggang sumapit ang Taon ng Paglaya.

41Pagdating ng panahong iyon, palalayain ninyo siya pati ang kanyang mga anak upang bumalik sa kanyang pamilya at ari-arian.

42Akong si Yahweh ang naglabas sa kanila sa Egipto; hindi sila dapat ipagbili upang maging alipin.

43Huwag ninyo silang pagmamalupitan; matakot kayo sa Diyos.

44Kung kailangan ninyo ng aliping lalaki o babae, doon kayo bumili sa mga bansa sa inyong paligid.

45Maaari ninyong bilhin bilang alipin ang mga anak ng mga dayuhang nakikipamayan sa inyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

46Maaari ninyo silang ipamigay sa inyong mga anak at maaari rin ninyo silang gawing alipin, ngunit huwag ninyong aalipinin o pagmamalupitan ang kapwa ninyo Israelita.

47“Kung dahil sa labis na kahirapan at mapilitan ang isang Israelita na ipagbili ang kanyang sarili sa isang dayuhang mayaman,

48siya ay may karapatang lumaya. Maaari siyang tubusin ng kanyang kapatid,

49amain, pinsan, kamag-anak o siya mismo kung kaya na niya.

50Ang halaga ng pagkabili sa kanya ay kukuwentahin mula nang bilhin siya hanggang sa Taon ng Paglaya, at ang itutubos sa kanya ay katumbas ng sweldo ng isang manggagawa.

51Kung matagal pa ang Taon ng Paglaya, malaki ang pagbabayaran ng tutubos.

52Ngunit maliit lamang kung malapit na ang panahong iyon, sapagkat ang itutubos sa kanya ay batay sa dami ng taon na dapat pa niyang ipaglingkod.

53Ituturing siyang bayarang manggagawa sa panahon ng kanyang paglilingkod ngunit hindi siya maaaring pagmalupitan.

54Kung hindi siya matubos sa mga paraang nabanggit, siya at ang mga anak niya ay palalayain pagsapit ng Taon ng Paglaya,

55sapagkat alipin ko ang mga Israelita, at ako ang nagpalaya sa kanila sa Egipto. Ako si Yahweh, ang Diyos ninyo.

## Levitico 26

### Mga Pagpapala sa Pagiging Masunurin

(Deut. 7:12-24; 28:1-14)

1“Huwag kayong gagawa ng mga diyus-diyosan o magtatayo ng mga inukit na rebulto o sagradong haligi, o mga batong hinugisan upang sambahin sa inyong lupain. Ako si Yahweh, ang Diyos ninyo.

2Igalang ninyo ang Araw ng Pamamahinga at ang aking santuwaryo. Ako si Yahweh.

3“Kung susundin ninyo ang aking mga tuntunin at tutuparin ang aking mga utos,

4pauulanin ko sa tamang panahon at mamumunga nang sagana ang mga punongkahoy sa kaparangan.

5Kahit tapos na ang panahon ng pitasan ng prutas at panahon ng muling pagtatanim ay gumigiik pa kayo. Sasagana kayo sa pagkain at mamumuhay nang panatag.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6“Maghahari ang kapayapaan sa buong lupain at walang gagambala sa inyo. Palalayasin ko ang mababangis na hayop at wala nang dirigma sa inyo.

7Matatakot sa inyo ang inyong mga kaaway at malulupig ninyo sila sa labanan.

8Sapat na ang lima sa inyo upang talunin ang sandaang kaaway at ang sandaan para sa sampung libong kaaway. Malulupig ninyo ang inyong mga kalaban.

9Pagpapalain ko kayo; kayo'y uunlad at darami. Patuloy kong pagtitibayin ang ginawa kong kasunduan sa inyo.

10Ang inyong ani ay sobra-sobra at tatagal sa mahabang panahon. Sa katunayan, sa dami ng inyong aanihin ay ilalabas ninyo ang mga luma upang maimbak lamang ang mga bagong ani.

11Maninirahan ako sa kalagitnaan ninyo at hindi ko kayo pababayaan.

12Ako'y inyong kasama saanman kayo magpunta; ako ang magiging Diyos ninyo at kayo naman ang magiging bayan ko.

13Ako si Yahweh, ang Diyos ninyo, ang siyang naglabas sa inyo sa Egipto. Pinalaya ko na kayo kaya't wala na kayong dapat ikahiya kaninuman.

**Mga Parusa sa Pagsuway**
(Deut. 28:15-68)

14“Ngunit kung hindi kayo makikinig sa akin at hindi tutuparin ang mga utos ko,

15kung tatanggihan ninyo ang aking mga tuntunin at kautusan, kaya't ayaw ninyong sundin ang mga ito at sisirain ninyo ang ginawa kong kasunduan sa inyo,

16padadalhan ko kayo ng mga sakuna. Makakaranas kayo ng matitinding sakit na magpapalabo ng inyong mata, at magpapahina ng inyong katawan. Hindi ninyo makakain ang pinagpagalan ninyo sapagkat ito'y kakainin ng inyong mga kaaway.

17Hindi ko kayo gagabayan at pababayaan ko kayong malupig. Hahayaan ko kayong sakupin ng mga taong napopoot sa inyo, at kakaripas kayo ng takbo kahit walang humahabol sa inyo.

18“Kung sa kabila nito'y hindi pa rin kayo makikinig, makapitong ibayo ang parusang igagawad ko sa inyo dahil sa inyong mga kasalanan.

19Paparusahan ko kayo dahil sa katigasan ng inyong ulo; hindi ko pauulanin ang langit at matitigang ang lupa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

20 Mawawalan ng kabuluhan ang inyong pagpapagal sapagkat hindi maaanihan ang inyong lupain, at hindi mamumunga ang inyong mga bungangkahoy.

21 “Kung patuloy kayong susuway at hindi makikinig sa akin, makapitong ibayo ang parusang igagawad ko sa inyo dahil sa inyong kasalanan.

22 Pababayaan kong lapain ng mababangis na hayop ang inyong mga anak at mga alagang hayop. Kaunti lamang ang matitira sa inyo, at halos mawawalan na ng tao ang inyong mga lansangan.

23 “Kung sa kabila nito'y magmamatigas pa rin kayo at patuloy na susuway sa akin,

24 pitong ibayo pa ang parusang igagawad ko sa inyo dahil sa inyong kasalanan.

25 Ipasasalakay ko kayo sa mga kaaway ninyo kaya't marami ang mapapatay sa inyo dahil sa inyong pagsira sa kasunduang ginawa ko sa inyo. Makapagtago man kayo sa mga kuta, padadalhan ko kayo roon ng salot, kaya babagsak din kayo sa kamay ng inyong kaaway.

26 Kukulangin kayo sa pagkain kaya't iisang kalan ang paglulutuan ng sampung babae. Tatakalin ang inyong pagkain kaya't hindi kayo mabubusog.

27 “At kung sa kabila nito'y di pa rin kayo magbabago at patuloy pa ring sumuway sa akin,

28 magsisiklab na ang aking galit sa inyo, at ako na mismo ang magpaparusa sa inyo ng makapitong ibayo dahil sa inyong mga kasalanan.

29 Sa tindi ng gutom ay kakainin ninyo pati ang inyong mga anak.

30 Wawasakin ko ang inyong mga altar sa burol at ang altar na sunugan ng insenso. Itatakwil ko kayo at itatambak ang inyong mga bangkay sa ibabaw ng inyong mga diyus-diyosan.

31 Wawasakin ko ang inyong mga lunsod, at iiwanan kong tiwangwang ang mga santuwaryo at hindi ko tatanggapin ang mga handog ninyo.

32 Sasalantain ko ang inyong mga lupain at magtataka ang mga kaaway ninyong sasakop niyon.

33 Uusigin ko kayo ng tabak at magkakawatak-watak kayo sa iba't ibang lupain. Maiiwang nakatiwangwang ang inyong lupain at iguguho ang inyong mga lunsod.

34 Sa gayon, mamamahinga nang mahabang panahon ang inyong lupain samantalang kayo'y bihag sa ibang bansa.

35 Makakapagpahinga ang inyong lupain, hindi tulad nang kayo'y naroon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

36“Ang mga maiiwan doon ay paghaharian ng matinding takot kaya't may malaglag lamang na dahon ng kahoy ay magkakandarapa na sila sa pagtakbo na parang hinahabol ng tagâ kahit wala naman.

37Magkakadaganan sila sa pagtakbo na parang hinahabol ng tagâ, gayong wala namang humahabol. Hindi ninyo maipagtatanggol ang inyong sarili sa mga kaaway.

38Mamamatay kayo sa lupain ng inyong mga kaaway.

39Ang malalabi naman ay mamamatay sa hirap dahil sa kasalanan ninyo at ng inyong mga ninuno.

40“Subalit kung pagsisihan nila ang kanilang mga kasalanan at ang mga kasalanan ng kanilang ninuno, at tanggapin na naghimagsik sila laban sa akin,

41at iyon ang dahilan kung bakit sila'y aking pinabayaan; kung sila'y magpakumbaba at pagsisihan ang kanilang mga kasalanan,

42aalalahanin ko ang aking kasunduan kay Jacob, kay Isaac, at kay Abraham. At aalalahanin kong muli ang aking pangako patungkol sa lupang pangako.

43Subalit paaalisin ko muna sila roon. Sa gayon, makakapagpahinga nang lubusan ang lupain at madarama naman nila ang bagsik ng parusang ipapataw ko dahil sa pagsuway nila sa aking mga tuntunin at kautusan.

44Gayunman, hindi ko sila lubos na pababayaan sa lupain ng kanilang mga kaaway, baka kung puksain ko'y mawalan ng kabuluhan ang kasunduang ginawa ko sa kanila. Ako si Yahweh na kanilang Diyos.

45Aalalahanin ko sila alang-alang sa aking kasunduan sa kanilang mga ninunong inilabas ko mula sa Egipto. Nasaksihan ng mga bansa ang ginawa kong ito upang ako'y maging Diyos nila. Ako si Yahweh.”

46Ito ang mga tuntunin at mga utos ni Yahweh na ibinigay sa mga Israelita sa Bundok ng Sinai sa pamamagitan ni Moises.

## Levitico 27

### Mga Batas tungkol sa mga Kaloob kay Yahweh

1Sinabi pa ni Yahweh kay Moises,

2“Sabihin mo sa mga Israelita: Kung may mamanata kay Yahweh na maghandog ng tao, iyon ay tutubusin nang ganito:

3Kung anak na lalaki, mula sa dalawampu hanggang animnapung taóng gulang, ito ay susuriin upang palitan o tubusin sa halagang limampung pirasong pilak ayon sa timbangan sa santuwaryo

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4at tatlumpung pirasong pilak naman kung babae.

5Mula sa lima hanggang dalawampung taon, dalawampung pirasong pilak kung lalaki at sampung pirasong pilak naman kung babae.

6Kapag isang buwan hanggang limang taon, limang pirasong pilak kung lalaki at tatlong pirasong pilak naman kung babae.

7Kung mahigit nang animnapung taon, labinlimang pirasong pilak kung lalaki at sampung pirasong pilak naman kung babae.

8"Kung walang maitutubos dahil sa kahirapan, ang taong iyo'y ihaharap sa pari at siya ang magpapasya kung magkano ang itutubos ayon sa kakayahan ng may panata.

9"Kung ang panatang handog ay hayop, dapat itong ilaan kay Yahweh.

10Hindi ito maaaring palitan. Kapag pilit na pinalitan, ang papalitan at ipapalit ay parehong ilalaan kay Yahweh.

11Kung ang ipinangakong hayop ay hindi karapat-dapat ihandog kay Yahweh, dadalhin iyon sa pari.

12Hahalagahan niya ito, anuman ang uri ng hayop at hindi matatawaran ang halagang ipinasya ng pari.

13Kung tutubusin ang hayop, magdaragdag kayo ng halaga ng ikalimang bahagi ng halaga ng hayop.

14"Kung bahay naman ang ipinangako, hahalagahan ito ng pari ayon sa uri at kayarian, at ang kanyang itinakdang halaga ay hindi matatawaran.

15Kung ang bahay ay gustong tubusin ng naghandog, babayaran niya ito na may dagdag na ikalimang bahagi ng halaga niyon, at mababalik sa kanya ang bahay.

16"Kung isang bahagi ng lupang minana ang ipinangako, ang itutubos ay batay sa dami ng maaani doon: limampung pirasong pilak sa bawat malaking sisidlan ng sebada.

17Kung ang paghahandog ay ginawa sa simula ng Taon ng Paglaya, babayaran ito nang buo upang matubos.

18Ngunit kung ito'y ginawa matapos ang Taon ng Paglaya, ang itutubos ay ibabatay sa dami ng taon bago dumating ang susunod na pagdiriwang; babawasin ang halaga ng nakalipas na taon.

19Kung ang lupa ay nais tubusin ng naghandog, babayaran niya ang takdang halaga maliban pa sa dagdag na ikalimang bahagi ng halagang iyon.

20Kung hindi pa niya ito natutubos at ipinagbili sa iba, kailanma'y hindi na niya matutubos iyon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Pagdating ng Taon ng Paglaya, ituturing na nakalaan kay Yahweh ang lupaing iyon at ito'y ibibigay sa pangangalaga ng mga pari.

22“Kung ang ipinangako naman ay ang lupang binili at hindi minana,

23hahalagahan iyon ng pari ayon sa dami ng taon bago dumating ang Taon ng Paglaya. Sa araw ring iyon, ibibigay ng nangako ang pantubos bilang handog kay Yahweh.

24Pagdating ng Taon ng Paglaya, mababalik ang lupang ito sa dating may-ari o sa kanyang tagapagmana.

25Ang halaga ng pantubos ay batay sa timbangan ng santuwaryo. Bawat pirasong pilak ay katumbas ng labindalawang gramo.

26“Hindi maaaring maipanata kay Yahweh ang panganay na hayop, maging baka o tupa sapagkat iyon ay sadyang para kay Yahweh.

27Ngunit kung iyon ay hayop na hindi karapat-dapat ihandog kay Yahweh, tutubusin ito ng may-ari sa takdang halaga maliban pa sa dagdag na ikalimang bahagi ng halaga niyon. Kung hindi matubos, ipagbibili ito sa takdang halaga.

28“Lahat ng lubos na naialay kay Yahweh, maging tao, hayop, o minanang lupa, ay hindi na maaaring tubusin o ipagbili sapagkat iyon ay ganap na sagrado sa kanya.

29Hindi na maaaring tubusin ang mga taong lubos na naialay kay Yahweh. Kailangan silang patayin.

30“Lahat ng ikasampung bahagi, maging binhi o bunga ng pananim ay nakalaan kay Yahweh.

31Kung may nais tumubos sa alinman sa kanyang ikasampung bahagi, babayaran niya ito ayon sa itinakdang halaga nito maliban pa sa dagdag na ikalimang bahagi ng halagang iyon.

32Isa sa bawat sampung alagang hayop ay nakalaan para kay Yahweh. Ang bawat ikasampung tupa o baka na mabibilang ay para kay Yahweh.

33Hindi iyon dapat suriin ng may-ari kung masama o hindi. Hindi rin iyon maaaring palitan, at kung ito'y mapalitan man, ang ipinalit at pinalitan ay parehong ilalaan kay Yahweh; hindi na matutubos ang mga ito.”

34Ito ang mga tuntunin na ibinigay ni Yahweh kay Moises sa Bundok ng Sinai para sa sambayanang Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Bilang

## Mga Bilang 1

### Ang Unang Sensus sa Israel

1Noong unang araw ng ikalawang buwan matapos umalis sa Egipto ang sambayanang Israel, si Yahweh ay nangusap kay Moises habang siya'y nasa loob ng Toldang Tipanan na noo'y nasa ilang ng Sinai. Ang sabi ni Yahweh,

2"Magsagawa ka ng isang sensus. Bilangin at ilista ninyo ang pangalan ng buong sambayanan ng Israel ayon sa kani-kanilang angkan at lipi. Ilista ninyo ang lahat ng lalaki

3mula sa gulang na dalawampu pataas, lahat ng maaari nang lumaban sa digmaan. Magpatulong ka kay Aaron

4at sa pinuno ng bawat angkan."

5-16Ito ang mga pinuno ng bawat lipi na tutulong sa iyo:

| Lipi | Pinuno |
|---|---|
| Ruben | Elizur na anak ni Sedeur |
| Simeon | Selumiel na anak ni Zurisadai |
| Juda | Naason na anak ni Aminadab |
| Isacar | Nathanael na anak ni Zuar |
| Zebulun | Eliab na anak ni Helon |
| Efraim | Elisama na anak ni Amiud |
| Manases | Gamaliel na anak ni Pedazur |
| Benjamin | Abidan na anak ni Gideoni |
| Dan | Ahiezer na anak ni Amisadai |
| Asher | Pagiel na anak ni Ocran |
| Gad | Eliasaf na anak ni Deuel |
| Neftali | Ahira na anak ni Enan |

17Ang mga taong nabanggit ay isinama nina Moises at Aaron,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[18]at noong unang araw ng ikalawang buwan, tinipon nila ang lahat ng Israelita. Itinala nila ang lahat ng lalaki mula sa gulang na dalawampu pataas, ayon sa kani-kanilang lipi.

[19]Ginawa nila ito sa ilang ng Sinai, ayon sa utos ni Yahweh.

[20-43]Ito ang kanilang naitala:

| Lipi | Bilang |
|---|---|
| Ruben | 46,500 |
| Simeon | 59,300 |
| Gad | 5,650 |
| Juda | 74,600 |
| Isacar | 54,400 |
| Zebulun | 57,400 |
| Efraim | 40,500 |
| Manases | 32,200 |
| Benjamin | 35,400 |
| Dan | 62,700 |
| Asher | 41,500 |
| Neftali | 53,400 |

[44-45]Lahat ng lalaki sa Israel mula sa dalawampung taon pataas at maaaring isama sa hukbo upang makidigma ay itinala nga nina Moises at Aaron. Sila ay tinulungan ng labindalawang pinuno na mula sa bawat lipi ng Israel.

[46]Ang kabuuang bilang ay 603,550.

**Ang Paghirang sa mga Levita**

[47]Ang mga Levita ay hindi kabilang sa sensus na ito

[48]sapagkat ganito ang bilin ni Yahweh kay Moises:

[49]“Huwag mong isasama sa sensus ng Israel ang mga Levita.

[50]Sa kanila mo ibibigay ang tungkulin ng paglilingkod sa Toldang Tipanan. Itatayo nila ang kanilang mga tolda sa paligid ng Toldang Tipanan at sila ang bubuhat nito pati ang mga kasangkapan nito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

51Kung kailangang tanggalin ang tabernakulo, sila ang magtatanggal at kung kailangang itayong muli, sila rin ang magtatayo. At sinumang lumapit sa tabernakulo liban sa kanila ay dapat patayin.

52Ang mga lipi ng Israel ay magtatayo ng kanya-kanyang tolda sa ilalim ng kani-kanilang watawat.

53Ang mga Levita naman ay magtatayo ng kanilang mga tolda sa paligid ng Toldang Tipanan para walang ibang makalapit dito, sapagkat kapag may ibang lumapit dito, tiyak na paparusahan ko ang buong Israel. Ang mga Levita nga ang mangangalaga sa Toldang Tipanan."

54Ang lahat ng mga utos na ito ni Yahweh ay sinunod ng mga Israelita.

## Mga Bilang 2

### Ang Kampo at ang Pinuno ng Bawat Lipi

1Sinabi ni Yahweh kina Moises at Aaron:

2Ang mga Israelita'y magtatayo ng kanilang tolda sa paligid ng Toldang Tipanan sa labas ng hanay ng mga Levita, at bawat angkan ay sama-sama sa ilalim ng kanilang watawat.

3-8Sa gawing silangan magkakampo ang pangkat ng mga lipi ni Juda, Isacar, at Zebulun:

| Lipi | Pinuno | Bilang |
|---|---|---|
| Juda | Naason na anak ni Aminadab | 74,600 |
| Isacar | Nathanael na anak ni Zuar | 54,400 |
| Zebulun | Eliab na anak ni Helon | 57,400 |

9Ang kabuuan ng pangkat na ito ay 186,400. Sila ang mauuna sa bawat paglakad.

10-15Sa gawing timog naman magkakampo ang pangkat ng mga lipi nina Ruben, Simeon, at Gad:

| Lipi | Pinuno | Bilang |
|---|---|---|
| Ruben | Elizur na anak ni Sedeur | 46,500 |
| Simeon | Selumiel na anak ni Zurisadai | 59,300 |
| Gad | Eliasaf na anak ni Deuel | 45,650 |

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[16]Ang kabuuan ng pangkat na ito ay 151,450. Ang pangkat na ito ang susunod sa pangkat na pangungunahan ng lipi ni Juda.

[17]Maging sa paglilipat ng Toldang Tipanan, ang pangkat ng mga Levita ay mananatili sa gitna ng ibang mga pangkat. Sa pagpapatuloy ng paglalakbay, mananatili ang bawat pangkat sa dating ayos sa ilalim ng kani-kanilang watawat.

[18-23]Sa gawing kanluran naman magkakampo ang pangkat ng mga lipi nina Efraim, Manases, at Benjamin:

| Lipi | Pinuno | Bilang |
|---|---|---|
| Efraim | Elisama na anak ni Amiud | 40,500 |
| Manases | Gamaliel na anak ni Pedazur | 32,200 |
| Benjamin | Abidan na anak ni Gideoni | 35,400 |

[24]Ang kabuuan ng pangkat na ito ay 108,100. Sila ang pangatlo sa hanay.

[25-30]At sa gawing hilaga naman magkakampo ang pangkat ng mga lipi nina Dan, Asher, at Neftali:

| Lipi | Pinuno | Bilang |
|---|---|---|
| Dan | Ahiezer na anak ni Amisadai | 62,700 |
| Asher | Pagiel na anak ni Ocran | 41,500 |
| Neftali | Ahira na anak ni Enan | 53,400 |

[31]Ang pangkat na ito ay umaabot sa 157,600. Sila ang kahuli-hulihan sa hanay ng mga kawal.

[32]Iyon ang bilang ng mga Israelita ayon sa kani-kanilang lipi. Lahat-lahat ay umabot sa 603,550.

[33]Hindi kabilang dito ang mga Levita tulad ng ipinagbilin ni Yahweh kay Moises na huwag isasama sa sensus ang mga ito.

[34]Ang lahat ay ginawa ng mga Israelita ayon sa utos ni Yahweh. Nagtayo sila ng tolda sa ilalim ng kani-kanilang watawat, at pangkat-pangkat na nagpatuloy sa paglalakbay.

## Mga Bilang 3

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang Tungkulin ng mga Levita

[1]Ito ang salinlahi nina Aaron at Moises nang kausapin siya ni Yahweh sa Bundok ng Sinai.

[2]Ang mga anak ni Aaron ay si Nadab na siyang panganay at sina Abihu, Eleazar at Itamar.

[3]Sila ang mga itinalagang pari na magsisilbi sa Toldang Tipanan.

[4]Ngunit sina Nadab at Abihu ay namatay sa harap ng altar sa Bundok ng Sinai nang magsunog sila ng handog kay Yahweh sa pamamagitan ng apoy na hindi itinalaga para roon. Wala silang anak kaya sina Eleazar at Itamar ang naglingkod bilang pari habang nabubuhay ang kanilang ama.

[5]Sinabi ni Yahweh kay Moises,

[6]"Tipunin mo ang lipi ni Levi at italaga mo sila bilang katulong ni Aaron.

[7]Tutulungan nila si Aaron sa mga gawain sa Toldang Tipanan at ang mga mamamayan sa kanilang paghahandog.

[8]Sila ang mangangasiwa sa mga kagamitan sa loob ng Toldang Tipanan at sila rin ang tutulong sa mga Israelita sa kanilang pagsamba.

[9]Ang tanging tungkulin ng mga Levita ay ang tumulong kay Aaron at sa kanyang mga anak sa gawain nila sa Toldang Tipanan.

[10]Si Aaron naman at ang kanyang mga anak na lalaki ay itatalaga mo bilang pari at sila lamang ang gaganap ng mga gawaing kaugnay nito. Sinumang hindi mula sa lipi ni Aaron na gumanap ng tungkulin ng pari ay dapat patayin."

[11]Sinabi ni Yahweh kay Moises,

[12]"Pinili ko ang mga Levita bilang kapalit ng mga panganay na lalaki, kaya sila'y para sa akin.

[13]Akin ang lahat ng panganay sapagkat nang lipulin ko ang lahat ng panganay ng Egipto, ibinukod ko para sa akin ang lahat ng panganay, maging tao o hayop. Kaya, sila ay akin, ako si Yahweh."

[14]Sinabi noon ni Yahweh kay Moises sa ilang ng Sinai,

[15]"Lahat ng lalaki sa lipi ni Levi, mula sa gulang na isang buwan pataas ay ilista mo ayon sa kani-kanilang angkan at sambahayan."

[16]Kaya, ang lipi ni Levi ay inilista ni Moises ayon sa utos sa kanya ni Yahweh.

[17]Ito ang mga anak ni Levi: sina Gershon, Kohat at Merari.

[18]Ang mga anak naman ni Gershon ay sina Libni at Simei.

[19]Ang mga anak ni Kohat ay sina Amram, Izar, Hebron at Uziel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

20Ang mga anak naman ni Merari ay sina Mahali at Musi. Ito ang talaan ng lipi ni Levi ayon sa kani-kanilang angkan.

21Ang angkan ni Gershon na binubuo ng mga sambahayan nina Libni at Simei

22ay umabot sa 7,500 ang may edad na isang buwan pataas.

23Nagkampo sila sa gawing kanluran, sa likod ng tabernakulo,

24at ang pinuno nila ay si Eliasaf na anak ni Lael.

25Sila ang mangangasiwa sa kaayusan ng Toldang Tipanan,

26sa bubong at sa tali nito, sa mga kurtina sa pinto at sa bulwagan sa paligid, at ng altar.

27Ang angkan ni Kohat ay binubuo ng mga sambahayan nina Amram, Izar, Hebron at Uziel,

28at umabot sa 8,600 ang mga kalalakihang isang buwan pataas ang edad.

29Sila ay sa gawing timog ng tabernakulo pinagkampo

30at pinamunuan ni Elizafan na anak ni Uziel.

31Sila naman ang mangangalaga sa Kaban ng Tipan, sa mesang lalagyan ng handog, sa ilawan, sa mga altar, sa kagamitan ng mga pari at sa mga tabing.

32Si Eleazar na anak ni Aaron ang magiging pinuno ng mga Levita at mamamahala sa mga katulong sa paglilingkod sa santuwaryo.

33Ang angkan ni Merari ay binubuo ng mga sambahayan nina Mahali at Musi,

34at umabot sa 6,200 ang kalalakihang may edad na isang buwan pataas.

35Ang pinuno nila ay si Zuriel na anak ni Abihail, at ang pinagkampuhan nila ay ang gawing hilaga ng tabernakulo.

36Sila ang pinamahala sa mga gamit sa tabernakulo tulad ng mga haliging patayo at pahalang, poste, patungan ng mga poste at lahat ng kawit na gamit dito.

37Sila rin ang pinamahala sa mga poste, sa patungan ng mga poste, sa mga tulos at mga panali sa bulwagan sa labas.

38Magkakampo naman sa gawing silangan ng tabernakulo, sa harap ng Toldang Tipanan, sina Moises at Aaron at ang mga anak nito. Ang tungkulin nila ay sa loob ng santuwaryo; gawin ang anumang kailangang gawin para sa Israel o paglilingkod para sa mga Israelita. Sinumang lumapit sa Dakong Banal liban sa kanila ay dapat patayin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[39]Ang kabuuang bilang ng mga Levita na naitala nina Moises at Aaron ayon sa utos ni Yahweh ay 22,000.

### Ang Pagtubos sa mga Panganay

[40]Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Bilangin at ilista mo ang pangalan ng mga panganay na lalaki sa buong Israel, mula sa edad na isang buwan pataas.

[41]Ibubukod mo ang mga Levita para sa akin, bilang kapalit ng mga panganay na lalaki ng buong sambayanan. Ibubukod mo rin ang mga alagang hayop ng mga Levita bilang kapalit ng panganay ng mga hayop ng buong sambayanan.”

[42]At itinala nga ni Moises ang lahat ng panganay na lalaki sa Israel ayon sa utos sa kanya ni Yahweh.

[43]Ang naitala niya'y umabot sa 22,273.

[44]Sinabi ni Yahweh kay Moises,

[45]“Ilaan mo sa akin ang mga Levita bilang kapalit ng mga panganay na lalaki ng Israel, at ang alagang hayop ng mga Levita bilang kapalit ng mga panganay ng mga hayop ng mga Israelita. Ang mga Levita ay para sa akin.

[46]Sapagkat mas marami ng 273 ang panganay ng mga Israelita kaysa mga lalaking Levita, ipatutubos mo

[47]ng limang pirasong pilak bawat isa, ayon sa opisyal na timbangan ng santuwaryo (ang isang pirasong pilak ay katumbas ng labindalawang gramo).

[48]Lahat ng salaping malilikom ay ibibigay mo kay Aaron at sa kanyang mga anak.”

[49]Kinuha nga ni Moises ang pantubos sa mga panganay ng mga Israelita na humigit sa bilang ng mga Levita.

[50]Ang kabuuang nalikom ay umabot sa 1,365 pirasong pilak.

[51]Ang lahat ng ito'y ibinigay ni Moises kay Aaron at sa mga anak nito bilang pagsunod sa utos ni Yahweh.

## Mga Bilang 4

### Ang Tungkulin ng mga Levitang Mula sa Angkan ni Kohat

[1]Sinabi ni Yahweh kina Moises at Aaron,

[2]“Bilangin at ilista ninyo ang angkan ni Kohat ayon sa kani-kanilang angkan at sambahayan.

[3]Ibukod ninyo ang lahat ng maaari nang maglingkod sa Toldang Tipanan, ang mga lalaking may edad na tatlumpu hanggang limampung taon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Sila ang maglilingkod sa mga bagay na ganap na sagrado sa loob ng Toldang Tipanan.

5"Kung aalis na ang mga Israelita sa lugar na kanilang pinagkakampuhan, si Aaron at ang kanyang mga anak ang magtatanggal sa mga tabing ng Toldang Tipanan at ibabalot ito sa Kaban ng Tipan.

6Pagkatapos, papatungan ito ng balat ng kambing, at babalutin ng telang asul saka isusuot ang mga pasanan sa mga argolya nito.

7"Ang mesang lalagyan ng handog na tinapay ay lalatagan naman ng asul na tela, saka ipapatong sa ibabaw nito ang mga plato, mga lalagyan ng insenso, mga mangkok at mga pitsel. Hindi na aalisin ang tinapay na handog na naroroon.

8Pagkatapos, tatakpan ang lahat ng ito ng pulang tela at ng balat ng kambing, saka isusuot sa mga argolya ang mga pasanan.

9"Ang ilawan pati ang mga ilaw, pang-ipit, sisidlan ng abo at ang mga sisidlan ng langis ay babalutin din ng telang asul

10at ng balat ng kambing, kasama ang lahat ng kagamitan at saka ilalagay sa sisidlan.

11"Ang altar na ginto ay tatakpan din ng asul na tela, at babalutin ng balat ng kambing saka isusuot sa mga argolya ang mga pasanan nito.

12Ang iba pang kagamitan sa Toldang Tipanan ay babalutin ng telang asul saka tatakpan ng balat ng kambing, at ilalagay sa sisidlan.

13Ang abo sa altar ay aalisin bago ito takpan ng damit na pula.

14Pagkatapos, ipapatong dito ang mga kagamitan sa altar tulad ng mga kawali, panusok, pala at palanggana. Tatakpan ito ng balat ng kambing saka isusuot sa argolya ang mga pasanan nito.

15Kapag ang Toldang Tipanan at ang lahat ng kagamitan dito'y naibalot na nina Aaron at ng kanyang mga anak, ang lahat ng ito'y dadalhin ng mga anak ni Kohat. Ngunit huwag nilang hahawakan ang mga sagradong bagay sapagkat mamamatay ang sinumang humawak sa mga sagradong kagamitang ito. "Ito ang mga tungkulin ng mga anak ni Kohat tuwing ililipat ang Toldang Tipanan.

16"Si Eleazar na anak ni Aaron ang mangangalaga sa langis para sa ilawan, sa insenso, sa karaniwang handog na pagkaing butil at sa langis na pantalaga. Siya rin ang mamamahala sa buong Toldang Tipanan at sa lahat ng kagamitan dito."

17Sinabi ni Yahweh kina Moises at Aaron,

18"Huwag ninyong pababayaang mapahamak ang sambahayan ni Kohat

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19sa paglapit nila sa mga ganap na sagradong kasangkapan. Para hindi sila mamatay, ituturo sa kanila ni Aaron at ng mga anak nito kung ano ang dapat nilang dalhin at kung ano ang dapat nilang gawin.

20Ngunit huwag na huwag silang papasok upang tingnan kahit sandali lang ang mga sagradong bagay doon sapagkat tiyak na mamamatay sila sa sandaling gawin nila iyon."

### Tungkulin ng mga Levitang Mula sa Lahi ni Gershon

21Sinabi ni Yahweh kay Moises,

22"Bilangin at ilista mo rin ang mga anak ni Gershon ayon sa kani-kanilang angkan at sambahayan,

23at ilista mo ang lahat ng lalaking maaaring maglingkod sa Toldang Tipanan, mula sa edad na tatlumpu hanggang limampu.

24Ito ang tungkuling ibibigay mo sa kanila:

25Dadalhin nila ang mga balat na asul at ang balat na yari sa balahibo ng kambing, at mga mainam na balat na itinatakip sa Toldang Tipanan, at ang tabing sa pintuan nito;

26ang mga tali at balat na nakatabing sa bulwagan sa paligid ng tabernakulo at ng altar, ang tabing sa pasukan ng bulwagan, at ang lahat ng kagamitang kasama nito. Sila rin ang gaganap ng lahat ng gawaing kaugnay ng mga bagay na ito.

27Ang lahat ng gagawin ng sambahayan ni Gershon ay pamamahalaan ni Aaron at ng kanyang mga anak. Ikaw ang magtatakda ng dapat nilang gawin.

28Ito ang magiging gawain ng mga anak ni Gershon sa pangangasiwa ni Itamar na anak ni Aaron.

### Tungkulin ng mga Levitang Mula sa Lahi ni Merari

29"Bilangin at ilista mo rin ang mga anak ni Merari ayon sa kani-kanilang angkan at sambahayan,

30at ilista mo ang mga lalaking maaari nang maglingkod sa Toldang Tipanan, ang mga may edad mula sa tatlumpu hanggang limampung taon.

31Ito naman ang dadalhin nila bilang paglilingkod sa Toldang Tipanan: ang mga haliging pahalang at patayo, mga patungan ng haligi,

32ang mga haligi ng tabing sa paligid ng bulwagan, pati mga patungan niyon, mga tulos, mga tali at ang lahat ng kagamitang kasama ng mga ito. Sasabihin mo sa kanila kung anu-ano ang kanilang dadalhin.

33Ito ang tungkulin ng mga anak ni Merari patungkol sa Toldang Tipanan. Gagawin nila ito sa pangangasiwa ni Itamar."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang Talaan ng mga Levita

34Ang mga anak ni Kohat ay inilista nga nina Moises at Aaron sa tulong ng mga pinuno ng Israel.

35Ang nailista nila na makakapaglingkod sa Toldang Tipanan, mula sa tatlumpu hanggang limampung taon,

36ayon sa kani-kanilang sambahayan ay umabot sa 2,750.

37Ito ang bilang ng mga anak ni Kohat na naitala nina Moises at Aaron bilang pagsunod sa utos ni Yahweh. Ang mga ito ay tumulong sa paglilingkod sa Toldang Tipanan.

38-40Ang bilang ng mga anak ni Gershon, ayon sa kanilang sambahayan, mula sa tatlumpung taon hanggang limampu, samakatuwid ay lahat ng maaaring makatulong sa mga gawain sa Toldang Tipanan ay 2,630.

41Ito ang bilang ng mga anak ni Gershon na naitala nina Moises at Aaron bilang pagsunod sa utos ni Yahweh. Ang mga ito ay tumulong sa paglilingkod sa Toldang Tipanan.

42-44Ang bilang naman ng mga anak ni Merari, ayon sa kanilang angkan at sambahayan, mula sa tatlumpu hanggang limampung taon, lahat ng maaaring makatulong sa gawain sa Toldang Tipanan ay 3,200.

45Ito ang bilang ng mga anak ni Merari na nailista nina Moises at Aaron ayon sa kani-kanilang sambahayan, bilang pagsunod sa utos ni Yahweh.

46Inilista nga nina Moises at Aaron sa tulong ng mga pinuno ng Israel ang lahat ng Levitang

47makatutulong sa mga gawain sa Toldang Tipanan, samakatuwid ay may edad na tatlumpu hanggang limampung taon.

48Ang kabuuang bilang nila'y umabot sa 8,580.

49Ginawa ito ni Moises ayon sa utos ni Yahweh at sila'y inatasan niya ng kani-kanilang gawain.

## Mga Bilang 5

### Ang mga Itinuturing na Marumi

1Sinabi ni Yahweh kay Moises,

2“Paalisin mo sa kampo ng Israel ang lahat ng may sakit sa balat na parang ketong, ang mga may tulo at ang lahat ng naging marumi dahil napahawak sila sa patay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Wala kayong itatangi maging lalaki o babae. Lahat ng mga ito ay palalabasin upang hindi maging marumi ang kanilang kampo. Ako'y naninirahang kasama ng aking bayan.”

4Tulad ng utos ni Yahweh kay Moises, lahat ng may sakit sa balat na parang ketong, may tulo, at naging marumi dahil sa pagkahawak sa patay ay pinalabas nila sa kampo.

### Ang Pagbabayad sa Nagawang Masama

5Sinabi ni Yahweh kay Moises,

6“Sabihin mo ito sa mga Israelita: Sinumang magtaksil kay Yahweh at makagawa ng masama sa kanyang kapwa ay

7dapat umamin sa kasalanang kanyang nagawa, pagbabayaran niya ito nang buo maliban pa sa dagdag na ikalimang bahagi nito. Ito'y ibibigay niya sa ginawan niya ng masama o sa pinakamalapit na kamag-anak nito.

8Kung wala itong malapit na kamag-anak, ang halagang ibabayad ay mapupunta kay Yahweh at ibibigay sa mga pari, bukod sa tupang ibibigay ng nagkasala upang ihandog bilang pantubos sa kanyang kasalanan.

9Lahat ng natatanging handog ng mga Israelita para kay Yahweh ay mauuwi sa paring tumanggap niyon.

10Kukunin ng bawat pari ang handog na ibinigay sa kanya.”

### Ang Tuntunin tungkol sa Pagtataksil at Pagseselos

11Sinabi ni Yahweh kay Moises,

12“Ito ang sabihin mo sa mga Israelita: Kung ang isang babae'y nagtaksil sa asawa,

13nakipagtalik sa ibang lalaki ngunit walang katibayang maipakita laban sa kanya sapagkat hindi siya nahuli sa akto,

14o kaya nama'y ang asawang lalaki'y naghihinala sa kanyang asawa kahit wala itong ginagawang masama,

15ang babae ay dadalhin ng lalaki sa pari. Ang lalaki'y maghahandog ng kalahating salop ng harinang sebada. Ang handog na ito'y hindi bubuhusan ng langis ni sasamahan ng insenso sapagkat ito'y handog tungkol sa pagseselos, handog upang hilinging lumabas ang katotohanan.

16“Ang babae ay dadalhin ng pari sa harap ng altar.

17Ang pari ay maglalagay ng sagradong tubig sa isang tapayan at hahaluan ng kaunting alikabok mula sa sahig ng tabernakulo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Pagkatapos, ilulugay ang buhok ng babae at pahahawakan sa kanya ang handog na harina. Samantala, ang mangkok na naglalaman ng mapait na tubig na magpapalitaw sa katotohanan ay hawak naman ng pari.

19Ang babae'y panunumpain ng pari. Sasabihin niya, ‘Kung hindi ka nagtaksil sa iyong asawa, hindi tatalab sa iyo ang sumpang taglay ng tubig na ito.

20Ngunit kung nagtaksil ka sa iyong asawa,

21paparusahan ka ni Yahweh upang maging halimbawa sa iyong mga kababayan: Patutuyuin ni Yahweh ang iyong bahay-bata at pamamagain ang iyong tiyan.

22Tumagos nawa ang tubig na ito sa kaloob-looban ng iyong tiyan, pamagain ito at patuyuin ang iyong bahay-bata.’ “Ang babae'y sasagot ng ‘Amen. Ako'y sumasang-ayon.’

23“Ang mga sumpang ito ay isusulat ng pari sa isang sulatan, huhugasan ito sa mapait na tubig,

24at ipapainom sa babae ang pinaghugasan. Ito'y magdudulot ng matinding sakit sa babae.

25Pagkatapos, ang handog na harinang hawak pa ng babae ay kukunin ng pari, iaalay kay Yahweh at ilalagay sa altar.

26Ang pari ay kukuha ng isang dakot na harina mula sa handog at susunugin ito sa altar. Pagkatapos, ipapainom sa babae ang mapait na tubig.

27Kung nagtaksil nga siya sa kanyang asawa, makakaramdam siya ng matinding sakit, matutuyo ang kanyang balakang at mamamaga ang kanyang tiyan. Sa ganitong paraan, hindi siya pamamarisan ng kanyang mga kababayan.

28Ngunit kung hindi siya nagtaksil, hindi tatalab sa kanya ang sumpa at maaari pa siyang magkaanak.

29“Ito ang tuntunin tungkol sa babaing nagtaksil sa asawa,

30o kaya, kung naghihinala ang lalaki sa katapatan ng kanyang asawa: ang babae'y ihaharap sa altar, at isasagawa naman ng pari ang lahat ng dapat gawin ayon sa Kautusan.

31Ang asawang lalaki ay hindi madadamay sa kasalanan ng babae, kundi ang babae lamang, kung talagang nagkasala, ang magdurusa sa ginawa niyang masama.”

## Mga Bilang 6

### Ang Tuntunin sa Pagtatalaga Bilang Nazareo

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Sinabi ni Yahweh kay Moises,

2“Sabihin mo sa bayang Israel: Kung ang sinuman, babae o lalaki, ay gagawa
ng panata at ilalaan niya ang sarili kay Yahweh bilang Nazareo,

3huwag siyang iinom ng alak o anumang inuming nakakalasing. Huwag din
siyang iinom ng anumang inuming galing sa katas ng ubas, at huwag kakain
ng ubas, o pasas.

4Sa buong panahon ng kanyang panata ay huwag din siyang titikim ng
anumang galing sa punong ubas kahit balat o buto ng ubas.

5“Ang isang may panata ay huwag magpaputol ng buhok sa buong panahon
ng kanyang panata; hahayaan niya itong humaba. Siya'y nakalaan para kay
Yahweh.

6Sa buong panahon na inilaan niya ang kanyang sarili kay Yahweh ay hindi
siya dapat lumapit sa patay,

7kahit ito'y kanyang ama, ina o kapatid. Hindi siya dapat gumawa ng
anumang makapagpaparumi ayon sa Kautusan, sapagkat ipinapakita ng
kanyang buhok na siya'y isang Nazareo.

8Pananatilihin niyang malinis ang kanyang sarili sa buong panahon ng
kanyang panata.

9“Kung may biglang mamatay sa kanyang tabi at mahawakan niya ito,
pagkalipas ng pitong araw ay aahitin niya ang kanyang buhok sapagkat
nadungisan siya ayon sa Kautusan.

10Sa ikawalong araw, magbibigay siya sa pari ng dalawang inakay ng kalapati
o batu-bato sa pintuan ng Toldang Tipanan.

11Ang isa nito ay handog ukol sa kasalanan at ang isa'y handog na
susunugin, bilang katubusan sa naging kasalanan niya sa pagkakahawak sa
bangkay. Sa araw ring iyon, muli niyang ilalaan sa Diyos ang kanyang buhok.

12Ito ang pasimula na siya'y muling inilaan kay Yahweh bilang Nazareo. Ang
mga araw na nagdaan sa panahon ng panatang iyon ay hindi ibibilang
sapagkat nadungisan siya nang makahawak sa patay at mag-aalay siya ng
isang kordero na isang taóng gulang bilang handog na pambayad sa
kasalanan.

13“Ito naman ang gagawin pagkatapos ng kanyang panata bilang Nazareo.
Haharap siya sa pintuan ng Toldang Tipanan

14at maghahandog ng tatlong tupa: isang lalaking tupa na isang taóng gulang
at walang kapintasan bilang handog na susunugin; isang babaing tupa na isa
ring taóng gulang at walang kapintasan bilang handog para sa kapatawaran

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ng kasalanan; at isang barakong tupa na walang kapintasan bilang handog na pangkapayapaan.

[15]Bukod dito, maghahandog siya ng isang basket na tinapay na walang pampaalsa at hinaluan ng langis, at manipis na tinapay na wala ring pampaalsa at may pahid na langis. Magdadala rin siya ng mga handog na pagkaing butil at inumin.

[16]“Ang lahat ng ito'y dadalhin naman ng pari sa harapan ni Yahweh at iaalay ang handog para sa kapatawaran ng kasalanan at handog na susunugin.

[17]Ang handog pangkapayapaan ay ihahandog niyang kasama ng basket ng tinapay na walang pampaalsa, saka isusunod ang handog na pagkaing butil at inumin.

[18]Pagkatapos, aahitin ng Nazareo ang kanyang buhok at susunugin sa apoy na pinagsusunugan ng handog pangkapayapaan.

[19]“Kukunin naman ng pari ang nilagang balikat ng handog pangkapayapaan, sasamahan ng isang tinapay na walang pampaalsa at isang manipis na tinapay at ilalagay sa kamay ng Nazareo.

[20]Kukunin niyang muli ang mga ito at iaalay kay Yahweh. Mapupunta ang mga ito sa pari, pati ang pitso at ang hita ng handog pangkapayapaan. Pagkatapos nito, ang Nazareo ay maaari nang uminom ng alak.

[21]“Ito ang tuntunin tungkol sa panata ng Nazareo. Ngunit kung nangako siya ng iba pang bagay bukod rito, kailangang tuparin din niya iyon.”

**Ang Pagbebendisyon ng mga Pari**

[22]Sinabi ni Yahweh kay Moises,

[23]“Sabihin mo kay Aaron at sa kanyang mga anak na ang mga salitang ito ang bibigkasin nila sa pagbabasbas nila sa mga Israelita:

[24]Pagpalain ka nawa at ingatan ni Yahweh;

[25]kahabagan ka nawa at subaybayan ni Yahweh;

[26]lingapin ka nawa at bigyan ng kapayapaan ni Yahweh.

[27]“Ganito nila babanggitin ang pangalan ko sa pagbabasbas sa mga Israelita at tiyak ngang pagpapalain ko sila.”

## Mga Bilang 7

**Ang mga Handog sa Pagtatalaga sa Altar**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Nang ganap na matapos na ang tabernakulo, pinahiran ito ni Moises ng langis at ipinahayag na para kay Yahweh, gayundin ang mga kagamitan doon, ang altar at ang lahat ng kagamitang ukol dito.

2Nang araw na iyon, ang mga pinuno ng Israel na nakatulong sa pagkuha ng sensus,

3ay naghandog kay Yahweh ng anim na malaking kariton at labindalawang toro: isang kariton sa bawat dalawang angkan at isang toro sa bawat angkan.

4Sinabi ni Yahweh kay Moises,

5"Tanggapin mo ang mga handog nilang ito upang magamit sa paglilipat ng Toldang Tipanan. Ipagkatiwala mo ang mga ito sa mga Levita ayon sa kanilang nakatakdang gawain."

6Kinuha nga ni Moises ang mga kariton at toro at ibinigay sa mga Levita.

7Ang dalawang kariton at apat na toro ay ibinigay niya sa mga anak ni Gershon;

8ang apat na kariton at walong toro ay ibinigay niya sa mga anak ni Merari; ang lahat ay nasa ilalim ng pamamahala ni Itamar na anak ni Aaron.

9Hindi na niya binigyan ang mga anak ni Kohat sapagkat sila ang nagpapasan ng mga sagradong bagay kapag inililipat ang mga ito.

10Ang mga pinuno ng Israel ay nagdala rin ng kani-kanilang handog para sa pagtatalaga ng altar.

11Dahil dito, sinabi ni Yahweh kay Moises, "Sabihin mo sa kanila na sa loob ng labindalawang araw ay tig-iisang araw sila ng paghahandog para sa pagtatalaga ng altar."

12-83Ganito ang pagkakasunud-sunod ng kanilang paghahandog:

| Araw | Lipi | Pinuno ng Lipi |
|---|---|---|
| Unang araw | Juda | Naason-anak ni Aminadab |
| Ika-2 araw | Isacar | Nathanael-anak ni Zuar |
| Ika-3 araw | Zebulun | Eliab-anak ni Helon |
| Ika-4 na araw | Ruben | Elizur-anak ni Sedeur |
| Ika-5 araw | Simeon | Selumiel-anak ni Zurisadai |
| Ika-6 na araw | Gad | Eliasaf-anak ni Deuel |
| Ika-7 araw | Efraim | Elisama-anak ni Amiud |

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

| | | |
|---|---|---|
| Ika-8 araw | Manases | Gamaliel-anak ni Pedazur |
| Ika-9 na araw | Benjamin | Abidan-anak ni Gideoni |
| Ika-10 araw | Dan | Ahiezer-anak ni Amisadai |
| Ika-11 araw | Asher | Pagiel-anak ni Ocran |
| Ika-12 araw | Neftali | Ahira-anak ni Enan |

Ang mga handog na kanilang inalay kay Yahweh ay magkakapareho: isang malaking platong pilak na tumitimbang ng isa't kalahating kilo at isang mangkok na pilak na tumitimbang ng 800 gramo ayon sa opisyal na timbang. Ang malaking plato at ang mangkok ay parehong puno ng harinang hinaluan ng langis bilang handog na pagkaing butil; isang gintong platito na tumitimbang ng 110 gramo at puno ng insenso; isang batang toro, isang lalaking tupa, at isang batang tupa na isang taóng gulang bilang mga handog na susunugin; isang kambing bilang handog para sa kapatawaran ng kasalanan; dalawang toro, limang tupa, limang kambing, at limang batang tupa na tig-iisang taóng gulang bilang handog pangkapayapaan.

84-88Ito ang kabuuang handog ng mga pinuno ng Israel nang italaga ang altar: Labindalawang malaking platong pilak at labindalawang mangkok na pilak na ang kabuuang timbang lahat-lahat ay 27.6 kilo. Labindalawang platitong ginto na ang kabuuang timbang ay 1,320 gramo. Ang mga ito'y puno ng insenso. Labindalawang toro, labindalawang tupang barako, at labindalawang kordero na tig-iisang taóng gulang, kasama na ang mga handog na pagkaing butil. Ang lahat ng ito'y para sa mga pagkaing handog. Labindalawang kambing bilang mga handog para sa kapatawaran ng kasalanan. Dalawampu't apat na toro, animnapung tupang barako, animnapung kambing, animnapung kordero na tig-iisang taóng gulang. Ang lahat ng ito'y bilang mga handog pangkapayapaan.

89Nang pumasok si Moises sa Toldang Tipanan upang makipag-usap kay Yahweh, narinig niya ang tinig nito mula sa pagitan ng dalawang kerubin, sa ibabaw ng Luklukan ng Awa na nasa ibabaw ng Kaban ng Tipan.

## Mga Bilang 8

### Ang Pag-aayos ng mga Ilaw sa Toldang Tipanan

1Sinabi ni Yahweh kay Moises,

2“Sabihin mo kay Aaron na pagkasindi ng pitong ilaw, iaayos niya ang mga ito sa ibabaw ng patungan upang magliwanag sa paligid nito.”

3Iyon nga ang ginawa ni Aaron ayon sa inutos ni Yahweh kay Moises.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Ang ilawan ay yari sa pinitpit na ginto, gayundin ang palamuting bulaklak at ang mga tangkay nito. Ginawa ito ni Moises ayon sa anyong huwaran na ipinakita sa kanya ni Yahweh.

### Ang Pagtatalaga sa mga Levita

5Sinabi ni Yahweh kay Moises,

6“Ibukod mo ang mga Levita at linisin ayon sa Kautusan.

7Wisikan mo sila ng tubig na panlinis ng kasalanan, paahitan ang buo nilang katawan, at palabhan ang kanilang kasuotan.

8Pagkatapos, pagdalhin mo sila ng dalawang batang toro; ang isa'y ihahandog na kasama ng handog na pagkaing butil, at ang isa'y handog para sa kapatawaran ng kasalanan.

9Dalhin mo ang mga Levita sa harap ng Toldang Tipanan at iharap mo sa sambayanang Israel.

10Samantalang inihaharap mo sila kay Yahweh, ipapatong naman ng mga Israelita ang kanilang mga kamay sa ulo ng mga Levita.

11Ang mga ito'y iaalay ni Aaron kay Yahweh bilang natatanging handog ng bayang Israel para maglingkod sa akin.

12Pagkatapos, ipapatong ng mga Levita ang kanilang kamay sa ulo ng mga toro; ang isa'y handog para sa kapatawaran ng kasalanan at ang isa'y handog na susunugin upang sila'y matubos sa kanilang mga kasalanan.

13“Ilaan mo ang mga Levita sa akin bilang natatanging handog, at ilagay mo sila sa ilalim ng pamamahala ni Aaron at ng mga anak niya.

14Ganyan mo sila ibubukod mula sa sambayanang Israel at sila'y magiging akin.

15Pagkatapos mo silang linisin ayon sa Kautusan at maialay kay Yahweh bilang natatanging handog, magsisimula na sila sa paglilingkod sa Toldang Tipanan.

16Nakalaan sila sa akin bilang kapalit ng mga panganay na lalaki ng Israel.

17Ang mga panganay ng Israel ay itinalaga kong maging akin nang gabing lipulin ko ang mga panganay ng Egipto. Kaya, sila ay akin, maging tao man o hayop.

18Pinili ko ang mga Levita bilang kapalit ng mga panganay ng Israel,

19upang makatulong ni Aaron at ng mga anak nito sa paglilingkod sa Toldang Tipanan sa paghahandog para sa katubusan ng kasalanan ng Israel. Sa ganoong paraan ay mailalayo ang mga Israelita sa panganib na mamatay kapag sila'y lumapit sa santuwaryo.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Ang mga Levita ay itinalaga nga ni Moises, ni Aaron at ng buong Israel, ayon sa utos ni Yahweh.

[21]Nilinis ng mga Levita ang kanilang katawan gayundin ang kanilang kasuotan. Itinalaga nga sila ni Aaron, at ginanap ang paghahandog para sa kapatawaran ng kanilang kasalanan.

[22]Isinagawang lahat ni Moises ang utos ni Yahweh sa kanya tungkol sa mga Levita. Pagkatapos, ginampanan na nila ang kanilang tungkulin sa loob ng Toldang Tipanan bilang katulong ni Aaron at ng mga anak nito.

**Ang Itatagal ng Panunungkulan ng mga Levita**

[23]Sinabi ni Yahweh kay Moises,

[24]“Ganito ang magiging tuntunin tungkol sa mga Levita: mula sa edad na dalawampu't lima, tutulong sila sa gawain sa loob ng Toldang Tipanan.

[25]Pagdating nila ng limampung taon, pagpapahingahin na sila sa ganoong gawain.

[26]Maaari pa rin silang tumulong sa kanilang mga kapwa Levita sa pagganap ng mga ito ng kanilang tungkulin sa loob ng Toldang Tipanan subalit hindi sila maaaring magsagawa ng paglilingkod.”

## Mga Bilang 9

**Ang Pagdiriwang sa Paskwa**

[1]Nang unang buwan ng ikalawang taon mula nang umalis sa Egipto ang mga Israelita, sinabi ni Yahweh kay Moises sa Bundok ng Sinai,

[2]“Iutos mo sa buong Israel na ipagdiwang ang Pista ng Paskwa sa takdang panahon,

[3]paglubog ng araw sa ika-14 na araw ng unang buwan ayon sa mga tuntunin tungkol dito.”

[4]Gayon nga ang ginawa ni Moises.

[5]Ipinagdiwang nga nila ang Pista ng Paskwa sa ilang ng Sinai noong gabi ng ika-14 na araw ng unang buwan.

[6]Noon ay may ilang taong nakahawak ng patay, kaya't ang mga ito'y itinuring na marumi ayon sa Kautusan at hindi maaaring sumali sa pagdiriwang ng Pista ng Paskwa. Dahil dito, lumapit sila kina Moises at Aaron.

[7]Sinabi nila, “Totoo ngang kami'y marumi ayon sa Kautusan sapagkat kami'y nakahawak ng patay. Subalit dapat bang kami'y pagbawalang mag-alay ng handog kay Yahweh kasama ng mga Israelita?”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

8“Maghintay kayo kung ano ang sasabihin sa akin ni Yahweh tungkol sa inyo,” sagot ni Moises.

9Sinabi ni Yahweh kay Moises,

10“Ganito ang sabihin mo sa buong Israel: Sinuman sa mga kamag-anak ninyo na itinuturing na marumi dahil nakahawak ng bangkay, o kababayan ninyong naglalakbay at nasa ibang bayan, ay maaari pa ring magdiwang ng Pista ng Paskwa.

11Gaganapin nila ito sa kinagabihan ng ika-14 na araw ng ikalawang buwan. Sa gabing iyon, kakain din sila ng korderong pampaskwa, tinapay na walang pampaalsa, at mapait na gulay.

12Huwag din silang magtitira kahit kapiraso ng korderong pampaskwa at huwag din nilang babaliin kahit isang buto niyon. Sa pagdiriwang nila sa Paskwa, susundin nila ang lahat ng tuntunin ukol dito.

13Ang sinumang malinis at hindi naglalakbay na hindi sumali sa pagdiriwang ng Pista ng Paskwa ay ititiwalag sa sambayanan, sapagkat hindi siya naghandog kay Yahweh sa takdang panahon. Siya ay paparusahan.

14“Ang dayuhang nakikipamayan sa inyo ay maaaring sumama sa pagdiriwang ng Pista ng Paskwa kung susundin niya ang mga tuntunin tungkol dito. Iisa ang tuntunin ng Paskwa, maging para sa mga Israelita o sa mga dayuhan.”

### Natakpan ng Ulap ang Toldang Tipanan
(Exo. 40:34-38)

15Nang maitayo na ang tabernakulo, ito ay natakpan ng ulap. Kung gabi, nagliliwanag itong parang apoy.

16Ganoon ang palaging nangyayari. Ang Toldang Tipanan ay natatakpan ng ulap kung araw at ang ulap ay nagliliwanag na parang apoy kung gabi.

17Tuwing aalis ang ulap sa ibabaw ng Toldang Tipanan, ang mga Israelita'y nagpapatuloy ng kanilang paglalakbay. Kung saan ito tumigil, doon sila nagkakampo.

18Nagpapatuloy sila o tumitigil sa paglalakbay ayon sa palatandaang ito ni Yahweh. Hindi sila lumalakad habang nasa ibabaw pa ng tabernakulo ang ulap.

19Hindi sila lumalakad kahit na magtagal pa ang ulap sa ibabaw ng tabernakulo. Hinihintay nila ang hudyat ni Yahweh.

20Kung minsan, ang ulap ay ilang araw na nasa ibabaw ng tabernakulo. Ayon sa kalooban ni Yahweh, sila'y nanatili sa kampo, at ayon din sa kalooban ni Yahweh, sila'y nagpapatuloy sa paglalakbay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Kung minsan, isang gabi lamang ito sa ibabaw ng Toldang Tipanan, at kung minsan nama'y maghapon at magdamag. Kapag pumapaitaas ang ulap, sila'y nagpapatuloy.

22Kahit tumagal pa ito nang dalawang araw, isang buwan o mahigit pa, hindi sila lumalakad. Nagpapatuloy lamang sila kung pumaitaas na ang ulap sa ibabaw ng tabernakulo.

23Nagpapatuloy nga sila o tumitigil sa paglalakbay ayon sa palatandaang ibinibigay ni Yahweh.

## Mga Bilang 10

### Ang Trumpetang Pilak

1Sinabi ni Yahweh kay Moises,

2"Magpagawa ka ng dalawang trumpetang yari sa pinitpit na pilak. Gagamitin mo ang mga ito sa pagtawag ng pagpupulong ng taong-bayan o kung kailangan nang magpatuloy sa paglalakbay ang buong Israel.

3Kapag hinipan nang sabay, ang buong Israel ay magtitipun-tipon sa harap ng Toldang Tipanan.

4Kapag isa ang hinipan, ang mga pinuno ng bawat angkan ang haharap sa iyo.

5Pag-ihip ng unang hudyat, lalakad ang mga liping nagkampo sa gawing silangan.

6Sa ikalawang ihip, lalakad naman ang mga nakahimpil sa gawing timog.

7Kapag dapat tipunin ang kapulungan, hihipan mo nang matagal ang trumpeta.

8Ang iihip ng trumpeta ay ang mga anak ni Aaron. Susundin ninyo ang tuntuning ito habang panahon.

9Kapag nilulusob kayo ng inyong kaaway, hipan ninyo ang trumpeta bilang hudyat upang tulungan at iligtas kayo ng Diyos ninyong si Yahweh.

10Sa inyong mga pagdiriwang, tulad ng Pista ng Bagong Buwan at iba pang kapistahan, hihipan din ninyo ang trumpeta habang inihahain ang handog na susunugin at handog pangkapayapaan. Sa gayon, aalalahanin ko kayo at tutulungan. Ako si Yahweh, ang inyong Diyos."

### Ang Unang Yugto ng Paglalakbay ng mga Israelita

11Nang ika-20 araw ng ikalawang buwan ng ikalawang taon mula nang umalis sila sa Egipto, ang ulap ay pumaitaas mula sa ibabaw ng tabernakulo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Dahil dito, nagpatuloy sa paglalakbay ang mga Israelita hanggang ang ulap ay tumigil sa ilang ng Paran.

13Ito ang una nilang paglalakbay mula nang ibigay ni Yahweh kay Moises ang mga tuntunin ukol dito.

14Nauuna ang pangkat sa ilalim ng watawat ni Juda ayon sa kani-kanilang lipi at sa pamumuno ni Naason na anak ni Aminadab.

15Si Nathanael naman na anak ni Zuar ang pinuno ng lipi ni Isacar

16at si Eliab na anak ni Helon ang nangunguna sa lipi ni Zebulun.

17Kapag nakalas na at naihanda na sa pag-alis ang tabernakulo, susunod ang mga anak ni Gershon at ni Merari, na siyang nagpapasan ng binaklas na tabernakulo.

18Kasunod ang pangkat nina Ruben ayon sa kanya-kanyang angkan, at pinangungunahan ni Elizur na anak ni Sedeur.

19Ang lipi naman ni Simeon ay pinangungunahan ni Selumiel na anak ni Zurisadai

20at ni Eliasaf na anak ni Deuel naman sa lipi ni Gad.

21Kasunod ng pangkat nina Ruben ang mga Levita mula sa angkan ni Kohat, dala ang mga sagradong bagay. Pagdating nila sa susunod na pagkakampuhan, muli nilang itatayo ang tabernakulo.

22Kasunod naman ang pangkat ni Efraim ayon sa kani-kanilang angkan sa ilalim ng pamumuno ni Elisama na anak ni Amiud.

23Ang lipi ni Manases ay pinamumunuan ni Gamaliel na anak ni Pedazur,

24at ang lipi ni Benjamin ay pinangungunahan naman ni Abidan na anak ni Gideoni.

25Ang pangkat nina Dan ang kahuli-hulihan at siyang nagsisilbing tanod na nasa huling hanay. Sila'y pangkat-pangkat din ayon sa angkan at pinangungunahan ni Ahiezer na anak ni Amisadai.

26Ang pinuno ng lipi ni Asher ay si Pagiel na anak ni Ocran

27at ang pinuno naman ng lipi ni Neftali ay si Ahira na anak ni Enan.

28Ganito nga ang ayos ng buong Israel tuwing sila'y magpapatuloy sa paglalakbay.

29Kinausap ni Moises si Hobab na anak ni Ruel na Midianita, isang kamag-anak ng asawa ni Moises. Ang sabi niya, “Sumama ka sa amin patungo sa dakong ibinibigay sa amin ni Yahweh at bibigyan ka namin ng kasaganaang ipinangako niya sa amin.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30“Hindi na ako sasama sa inyo sapagkat nais kong bumalik sa aking mga kamag-anak,” sagot niya.

31“Sumama ka na sa amin sapagkat kabisado mo ang pasikut-sikot sa ilang. Maituturo mo sa amin kung saan kami maaaring magkampo.

32Pagdating natin doon, babahaginan ka namin ng anumang pagpapalang ibibigay sa amin ni Yahweh,” sabi ni Moises.

33At mula sa Bundok ni Yahweh, naglakbay sila nang tatlong araw. Ang Kaban ng Tipan ay iniuna sa kanila nang tatlong araw para ihanap sila ng lugar na pagkakampuhan.

34Kung araw, nililiman sila ng ulap ni Yahweh habang naglalakbay.

35Tuwing ilalakad ang Kaban ng Tipan, ito ang sinasabi ni Moises: “Magbangon ka, Yahweh, kaaway ay pangalatin. Itaboy mo ang iyong mga kaaway at magtatakbuhan sa takot ang lahat ng napopoot sa iyo.”

36At kapag inihihinto na nila sa paglalakbay ang Kaban ng Tipan, ito naman ang sinasabi niya: “Manumbalik ka, Yahweh, sa libu-libong angkan ng Israel.”

## Mga Bilang 11

### Ang Lugar na Tinawag na Tabera

1Dahil sa hirap na dinaranas, nagreklamo ang mga Israelita. Dahil dito, nagalit si Yahweh at pinaulanan ng apoy ang isang bahagi ng kanilang kampo.

2Kaya, nagmakaawa kay Moises ang mga Israelita at agad naman siyang dumulog kay Yahweh. Dininig naman siya at namatay ang apoy.

3At ang lugar na iyo'y tinawag nilang Tabera sapagkat nagliyab doon ang apoy mula kay Yahweh.

### Pumili si Moises ng Pitumpung Pinuno

4Ang mga dayuhang sumama sa paglalakbay ng mga Israelita ay nanabik sa dati nilang pagkain at nagaya sa kanila ang mga Israelita. Kaya, nagreklamo na naman sila. Ang sabi nila, “Kailan pa ba tayo makakatikim ng karne?

5Mabuti pa sa Egipto! Doon, nahihingi lang ang isda. At naaalaala ba ninyo ang pipino, pakwan, sibuyas, bawang at gulay na kinakain natin noon?

6Nanghihina na tayo ngayon. Walang makain dito kundi ang mannang ito!”

7Ang manna ay parang buto ng kulantro at kakulay ng bedelio.

8Ito ang laging pinupulot ng mga tao. Ginigiling nila ito o binabayo. Kapag niluto, ito'y lasang tinapay na sinangkapan ng langis.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9 Ito'y kasama ng hamog na bumabagsak kung gabi.

10 Narinig ni Moises ang reklamo ng lahat ng sambahayan na nakatayo sa pintuan ng kani-kanilang tolda. Nagalit nang labis si Yahweh, kaya't nanlumo si Moises.

11 Itinanong ni Moises kay Yahweh, "Bakit ninyo ako ginaganito? Anong ikinagagalit ninyo sa akin? Bakit ninyo ako binigyan ng ganito kabigat na pasanin?

12 Ako ba ang nagsilang sa kanila? Aalagaan ko ba sila tulad ng pag-aalaga ng ina sa kanyang anak, hanggang makarating kami sa lupaing ipinangako ninyo sa aming mga ninuno?

13 Ayaw nila akong tigilan sa kahihingi ng karne. Saan ako kukuha ng karne para sa ganito karaming tao?

14 Hindi ko sila kayang alagaang mag-isa. Napakabigat ng pasaning ito para sa akin!

15 Kung ganito rin lamang ang gagawin ninyo sa akin, mabuti pa'y mamatay na ako ngayon din kaysa maghirap nang matagal."

16 Dahil dito, sinabi ni Yahweh kay Moises, "Pumili ka ng pitumpung matatandang pinuno sa Israel, iyong mga kinikilala ng kanilang lipi, at isama mo sa Toldang Tipanan.

17 Pagdating ninyo roon, bababâ ako at makikipag-usap sa iyo. Babahaginan ko sila ng espiritung ibinigay ko sa iyo upang makatulong mo sila.

18 Sabihin mo naman sa buong bayan na ihanda nila ang kanilang mga sarili sapagkat bukas ay makakakain na sila ng karne. Nagrereklamo na naman sila. Itinatanong nila kung kailan pa sila makakatikim ng karne. Sinabi pang mabuti pa sa Egipto at marami silang pagkain. Kaya, bukas, ibibigay ko sa kanila ang pagkaing gusto nila.

19 Hindi lamang para sa isa, dalawa, lima, sampu, dalawampung araw ang ibibigay ko sa kanila,

20 kundi para sa isang buong buwan. Laging ito ang kakainin nila hanggang sa magsawa sila at magkandasuka sa pagkain nito sapagkat itinakwil nila ako at sinabi pa nilang mabuti pang hindi na sila umalis sa Egipto."

21 Sumagot si Moises, "Lahat-lahat ng kasama ko'y 600,000, at sinasabi mong bibigyan mo sila ng karne para sa isang buong buwan?

22 Kahit na patayin ang lahat naming hayop o mahuli ang lahat ng isda sa dagat ay hindi sasapat sa ganito karaming tao."

23 Sinabi ni Yahweh, "Moises, mayroon ba akong hindi kayang gawin? Ngayon di'y ipapakita ko sa iyo kung totoo o hindi ang aking sinasabi."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Lumakad na si Moises at ibinalita sa mga Israelita ang sinabi ni Yahweh.
Isinama niya ang pitumpung pinuno ng Israel at pinatayo sa paligid ng
Toldang Tipanan.

25Bumabâ si Yahweh sa ulap at kinausap si Moises. Ang pitumpung
matatandang pinuno ay binahaginan nga niya ng espiritu, tulad ng ibinigay
niya kay Moises. Sila'y napuspos ng kapangyarihan at nagpropesiya ngunit
hindi na nila ito muling nagawa.

26May naiwang dalawang pinuno sa kampo, Eldad ang pangalan ng isa at
Medad naman ang isa. Tinawag silang kasama ng pitumpu ngunit hindi
sumama. Gayunman, binahaginan din sila ng espiritu ni Yahweh kaya sila'y
nagpahayag din tulad ng mga propeta sa loob ng kampo.

27Nakita pala sila ng isang binata at patakbo itong nagpunta kay Moises.
Sinabi niya, “Sina Eldad at Medad ay nagpapahayag sa kampo.”

28Dahil dito, sinabi ni Josue na anak ni Nun at lingkod ni Moises, “Bakit di po
ninyo sila sawayin?”

29Ngunit sinabi ni Moises, “Nangangamba ka bang ako'y mababawasan ng
karangalan? Gusto ko ngang maging propeta at mapuspos ng espiritu ni
Yahweh ang lahat ng mga Israelita.”

30Si Moises at ang pitumpung pinuno ng Israel ay nagbalik na sa kampo.

### Nagpadala ng Napakaraming Pugo si Yahweh

31Si Yahweh ay nagpadala ng hanging may tangay na laksa-laksang pugo
mula sa kabila ng dagat. Ang mga ito'y nagliliparan sa paligid ng kampo.
Isang metro lang ang taas ng kanilang lipad mula sa lupa at ang lawak ay
isang araw na lakarin sa kabi-kabilang kampo.

32Lumabas ng kampo ang mga Israelita at nanghuli ng pugo hanggang
kinabukasan; ang pinakakaunting nahuli ng isang tao ay aabot sa sampung
malalaking sisidlan. Ang mga ito'y ibinilad nila sa paligid ng kampo.

33Ngunit bago pa lamang nila ito kinakagat, ibinuhos na ni Yahweh ang
kanyang galit sa mga Israelita at siya'y nagpadala ng isang kakila-kilabot na
salot.

34Ang lugar na iyon ay tinawag na Kibrot-hataava sapagkat doon nalibing ang
mga taong naging hayok sa karne.

35Mula roon, nagpatuloy sila ng paglalakbay hanggang sa Hazerot.

## Mga Bilang 12

### Nag-usap sina Miriam at Aaron Laban kay Moises

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Sina Miriam at Aaron ay nagsalita ng laban kay Moises dahil sa babaing Cusita na kanyang pinakasalan—sapagkat siya'y nag-asawa nga ng isang babaing taga-Cus.

2Ang sabi nila, “Sa pamamagitan lang ba ni Moises nagsasalita si Yahweh? Hindi ba't sa pamamagitan din natin?” Narinig ni Yahweh ang usapan nilang ito.

3Si Moises naman ay isang taong mapagpakumbaba higit kaninumang nabuhay sa ibabaw ng lupa.

4Dahil dito, tinawag ni Yahweh sina Moises, Aaron at Miriam. Sinabi niya, “Magpunta kayong tatlo sa Toldang Tipanan.” At nagpunta nga sila.

5Si Yahweh ay bumabâ sa anyo ng haliging ulap at tumayo sa pintuan ng Toldang Tipanan. Tinawag niya sina Aaron at Miriam. Paglapit nila,

6sinabi niya, “Pakinggan ninyo ang sasabihin ko. Kung ang sinuma'y nais kong piliing propeta, nagpapakita ako sa kanya sa pangitain at kinakausap ko siya sa panaginip.

7Ngunit kaiba ang ginawa ko kay Moises sapagkat ipinagkatiwala ko sa kanya ang aking buong sambahayang Israel.

8Kinakausap ko siya nang harap-harapan at sinasabi ko sa kanya ang lahat sa maliwanag na paraan, hindi sa pamamagitan ng talinghaga. At siya lamang ang nakakita sa aking anyo. Bakit hindi man lamang kayo natakot na magsalita laban sa kanya?”

9Nagalit sa kanila si Yahweh, at siya'y umalis.

10Nang mawala na ang ulap sa ibabaw ng Toldang Tipanan, si Miriam ay nagkaroon ng maputing sakit sa balat na parang ketong. Nang makita ito ni Aaron,

11sinabi niya kay Moises, “Kapatid ko, huwag mo sana kaming parusahan dahil sa aming kamangmangan at kasamaan.

12Huwag mong pabayaang matulad siya sa isang buháy na patay, parang ipinanganak na nabubulok ang kalahati ng katawan.”

13Kaya, nakiusap si Moises kay Yahweh, “O Diyos, pagalingin po sana ninyo si Miriam!”

14Ngunit ang sagot ni Yahweh, “Kung siya'y duraan ng kanyang ama, hindi ba siya magtatago ng pitong araw dahil sa kahihiyan? Hayaan ninyo siya ng pitong araw sa labas ng kampo.”

15Kaya si Miriam ay pitong araw na nasa labas ng kampo. Hindi umalis ang bansang Israel hanggang hindi nakakapasok ng kampo si Miriam.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[16]Mula sa Hazerot, patuloy silang naglakbay. Pagdating sa ilang ng Paran ay nagkampo sila.

## Mga Bilang 13

### Nagsugo ng Labindalawang Espiya sa Canaan

(Deut. 1:19-33)

[1]Sinabi ni Yahweh kay Moises,

[2]"Pumili ka ng isa sa mga kinikilalang pinuno ng bawat lipi at isugo mo sila upang manmanan ang Canaan, ang lupaing ibibigay ko sa inyo."

[3-15]Ganoon nga ang ginawa ni Moises. Kaya't mula sa ilang ng Paran, isinugo niya ang mga sumusunod na pinuno upang magmanman:

| Lipi | Pinuno |
|---|---|
| Ruben | Samua na anak ni Zacur |
| Simeon | Safat na anak ni Hori |
| Juda | Caleb na anak ni Jefune |
| Isacar | Igal na anak ni Jose |
| Efraim | Oseas na anak ni Nun |
| Benjamin | Palti na anak ni Rafu |
| Zebulun | Gadiel na anak ni Sodi |
| Manases | Gadi na anak ni Susi |
| Dan | Amiel na anak ni Gemali |
| Asher | Setur na anak ni Micael |
| Neftali | Nahabi na anak ni Vapsi |
| Gad | Geuel na anak ni Maqui |

[16]Sila ang isinugo ni Moises upang maging espiya sa Canaan; si Oseas na anak ni Nun ay tinawag niyang Josue.

[17]Bago lumakad ang mga espiya, sila'y pinagbilinan ni Moises, "Sa Negeb kayo dumaan saka magtuloy sa kaburulan.

[18]Pag-aralan ninyong mabuti ang lupain. Tingnan ninyo kung malalakas o mahihina ang mga tao roon, kung marami o kakaunti.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Tingnan ninyo kung mainam o hindi ang lupa, at kung may matitibay na muog o wala ang mga bayang tinitirhan ng mga tao roon.

20Tingnan din ninyo kung mataba ang mga bukirin doon o hindi, at kung maraming punongkahoy o wala. Lakasan ninyo ang inyong loob. At pagbalik ninyo, magdala kayo ng ilang bungangkahoy mula roon." Noon ay panahon ng pagkahinog ng ubas.

21Pagdating sa Canaan, tiningnan ng mga espiya ang lupain mula sa ilang ng Zin hanggang sa Rehob, sa malapit sa Pasong Hamat.

22Umahon sila ng Negeb at nakarating ng Hebron at doo'y natagpuan nila ang mga angkan nina Ahiman, Sesai at Talmai. Ang mga ito'y mula sa lahi ni Anac. (Ang Hebron ay pitong taon nang lunsod bago ang Zoan sa Egipto.)

23Pagdating nila sa kapatagan ng Escol, kumuha sila ng isang buwig ng ubas na pinasan ng dalawang tao. Nanguha rin sila ng bunga ng punong granada at igos.

24Ang lugar na iyon ay tinawag nilang Escol dahil sa malaking buwig ng ubas na nakuha nila roon.

25Pagkaraan ng apatnapung araw, umuwi na ang mga espiya

26at humarap kina Moises, Aaron at sa buong bayang Israel na natitipon noon sa Paran, sakop ng Kades. Iniulat nila ang kanilang nakita at ipinakita ang mga uwi nilang bungangkahoy.

27Ang sabi nila, "Pinag-aralan namin ang lupain at natuklasan naming ito'y mayaman at masagana sa lahat ng bagay. Katunayan ang bungangkahoy na kinuha namin doon.

28Ngunit malalakas ang mga tagaroon. Malalaki ang lunsod at matitibay ang mga pader. Bukod dito, naroon din ang mga lahi ng higante.

29Sakop ng mga Amalekita ang Negeb. Ang kaburulan ay tinitirhan naman ng mga Heteo, Jebuseo at Amoreo. Mga Cananeo naman ang nasa baybay-dagat at sa tabi ng Ilog Jordan."

30Subalit pinatahimik ni Caleb ang mga taong-bayan na nagrereklamo na noon kay Moises. Sinabi ni Caleb, "Hindi tayo dapat mag-aksaya ng panahon. Lusubin na natin sila sapagkat kaya natin silang gapiin."

31Ngunit sumagot ang ibang espiyang kasama niya, "Hindi natin sila kaya sapagkat mas malakas sila kaysa atin."

32Hindi maganda ang kanilang ulat tungkol sa lupaing pinasiyasat sa kanila. Ito ang sinabi nila, "Malalaking tao ang nakatira doon at sinumang magtangkang sumakop sa kanila ay lalamunin nila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

33Nakita namin doon ang mga higante. Sila ay mula sa lahi ni Anac. Mga tipaklong lamang kami kung ihahambing sa kanila."

## Mga Bilang 14

### Naghimagsik kay Yahweh ang Israel

1Nalungkot ang buong bayan ng Israel at magdamag na nag-iyakan.

2Nagbulungan sila laban kina Moises at Aaron. Ang sabi nila, "Mabuti pang namatay na tayo sa Egipto o kaya'y sa ilang

3kaysa tayo'y patayin ng ating mga kaaway sa lupaing pinagdalhan sa atin ni Yahweh, at bihagin ang ating asawa't mga anak. Mabuti pa'y bumalik na tayo sa Egipto."

4At nag-usap-usap sila na pumili ng isang lider na mangunguna sa kanilang pagbalik.

5Sina Moises at Aaron ay nagpatirapa na nakikita ng buong bayan.

6Dahil sa hinagpis, pinunit nina Josue na anak ni Nun at Caleb na anak ni Jefune ang kanilang kasuotan.

7Sinabi nila, "Mainam ang lupaing tiningnan namin, saganang-sagana sa lahat ng bagay.

8Kung malulugod sa atin si Yahweh, ibibigay niya sa atin ang lupaing iyon na mayaman at sagana sa lahat ng bagay.

9Huwag lamang kayong maghihimagsik laban sa kanya. Magtiwala kayo sa kanya at huwag matakot sa mga tagaroon. Madali natin silang matatalo. Kasama natin si Yahweh at ginapi na niya ang kanilang mga diyos. Kaya huwag kayong matakot."

10Ngunit binantaang babatuhin ng taong-bayan sina Josue at Caleb. Kaya't ipinakita ni Yahweh ang kanyang kaluwalhatian sa ibabaw ng Toldang Tipanan.

### Nanalangin si Moises para sa Bayan

11Itinanong ni Yahweh kay Moises, "Hanggang kailan ako hahamakin ng mga taong ito? Kailan pa sila maniniwala sa akin samantalang nasaksihan naman nilang lahat ang mga himalang ginawa ko para sa kanila?

12Padadalhan ko sila ng salot at aalisan ng karapatan sa mana. At ikaw ang gagawin kong ama ng isang bansang higit na marami at makapangyarihan kaysa kanila."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Sumagot si Moises, “Malalaman ng mga Egipcio ang gagawin ninyong iyan. Alam pa naman nila na ang Israel ay inilabas ninyo sa Egipto sa pamamagitan ng inyong kapangyarihan.

14At kung ito'y sabihin nila sa mga taga-Canaan, alam din ng mga iyon na ang Israel ay pinapatnubayan ninyo. Alam nilang kayo ay harap-harapang nagpapakita sa Israel at ang bayang ito'y inyong pinapatnubayan sa pamamagitan ng haliging ulap kung araw at haliging apoy kung gabi.

15Kung lilipulin ninyo sila, sasabihin ng lahat na

16nilipol ninyo ang Israel sa ilang sapagkat hindi ninyo sila kayang dalhin sa lupaing ipinangako ninyo sa kanila.

17Kaya nga, isinasamo kong minsan pa ninyong ipakita ang inyong kapangyarihan tulad ng sinabi ninyo noong una,

18‘Si Yahweh ay hindi madaling magalit, mahabagin at handang magpatawad. Subalit hindi niya ipinagwawalang-bahala ang kasamaan, sapagkat ang kasalanan ng mga magulang ay kanyang sisingilin hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi.’

19Isinasamo ko nga, Yahweh, patawarin na ninyo ang mga taong ito at patnubayan sila tulad ng inyong ginagawa mula nang sila'y ilabas ninyo sa Egipto, sapagkat kayo ay Diyos ng pag-ibig, at handang magpatawad sa mga nagkasala.”

20Sinabi ni Yahweh, “Dahil sa panalangin mo, pinapatawad ko na sila.

21Ngunit ito ang tandaan mo: hanggang ako'y buháy at nalulukuban ng aking kaluwalhatian ang buong mundo,

22-23isa man sa mga nakakita ng himalang ginawa ko ay hindi makakapasok sa lupaing ipinangako ko sa inyong mga ninuno. Paulit-ulit nila akong sinusubok at hindi nila ako sinusunod.

24Ngunit si Caleb na aking lingkod ay naiiba sa kanila. Sumunod siya sa akin nang buong katapatan, kaya makakapasok siya sa lupaing iyon, pati ang kanyang angkan.

25Kaya bukas, magpatuloy kayo sa paglalakbay patungong Dagat na Pula. Lumigid kayo sa ilang sapagkat ang mga Amoreo at Cananeo ay nasa kapatagan.”

**Ang Parusa sa Israel**

26Sinabi ni Yahweh kina Moises at Aaron,

27“Hanggang ngayo'y patuloy pa rin ang mga Israelita sa pagrereklamo laban sa akin. Kailan pa ba sila tatahimik?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

28Sabihin ninyo sa kanila na ito ang ipinapasabi ko: 'Habang buháy akong si Yahweh, gagawin ko sa inyo ang narinig kong gusto ninyong mangyari.

29Mamamatay kayo dito sa ilang. Sa mga kabilang sa sensus, samakatuwid ay iyong mula sa dalawampung taon pataas,

30isa man ay walang makakarating sa lupaing ipinangako ko, maliban kina Caleb na anak ni Jefune at Josue na anak ni Nun.

31Ang makakarating lamang doon ay ang inyong mga anak na sinasabi ninyong mabibihag ng kaaway. Sila ang maninirahan doon.

32Ngunit mamamatay kayo dito sa ilang.

33Ang mga anak ninyo'y magpapalabuy-laboy rito sa loob ng apatnapung taon, hanggang hindi kayo namamatay lahat. Ito ang kabayaran ng inyong hindi pagsampalataya.

34Ang apatnapung araw na pinagmanman ninyo sa lupaing iyon ay tutumbasan ko ng apatnapung taon ng pagpapahirap upang madama ninyo ang aking poot sa loob ng panahong iyon.'

35Akong si Yahweh ang maysabi nito at gagawin ko ito sa masamang bayang ito. Mamamatay sila rito sa ilang."

**Namatay ang Sampung Masamang Espiya**

36At ang mga espiya na nagbigay ng masamang ulat na siyang naging dahilan ng kaguluhan sa Israel

37ay nilipol ni Yahweh sa pamamagitan ng salot.

38Ngunit hindi namatay si Josue na anak ni Nun at si Caleb na anak ni Jefune.

**Nalupig ang Israel sa Horma**
(Deut. 1:41-46)

39Lahat ng bilin ni Yahweh ay sinabi ni Moises sa mga Israelita, at sila'y nag-iyakan.

40Kinaumagahan, nagpunta sila sa ibabaw ng burol. Sinabi nila, "Papunta na kami sa lupaing sinasabi ni Yahweh. Tinatanggap naming kami'y nagkasala."

41Ngunit sinabi ni Moises, "Bakit ninyo sinusuway si Yahweh? Hindi ba ninyo alam na hindi magtatagumpay ang ginagawa ninyong iyan?

42Huwag na kayong tumuloy. Kapag tumuloy kayo, malulupig kayo ng inyong mga kaaway sapagkat hindi kayo sasamahan ni Yahweh.

43Ang mga Amalekita at Cananeo ay naroon sa pupuntahan ninyo at tiyak na papatayin nila kayo. Hindi ninyo maaasahan ang patnubay ni Yahweh sapagkat siya'y itinakwil na ninyo."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

44Ngunit nagpatuloy pa rin sila kahit wala sa kanila ang Kaban ng Tipan at hindi nila kasama si Moises.

45Sinalakay nga sila ng mga Amalekita at mga Cananeo na naninirahan sa kaburulan, tinalo sila ng mga ito at tinugis sila hanggang sa Horma.

## Mga Bilang 15

### Ang mga Tuntunin tungkol sa mga Handog

1Sinabi ni Yahweh kay Moises,

2“Ganito ang sabihin mo sa Israel: Pagdating ninyo sa lupaing ibibigay ko sa inyo,

3maghahandog kayo kay Yahweh. Anumang ihahandog ninyo mula sa inyong mga kawan, maging handog na susunugin, tanging handog bilang panata, o kusang handog kung panahon ng pista,

4ay lalakipan ninyo ng handog na pagkaing butil na kalahating salop ng pinong harinang minasa sa isang litrong langis.

5Samahan din ng isang litrong alak ang bawat tupang handog upang sunugin.

6Ang bawat handog na tupang lalaki ay sasamahan ng handog na pagkaing butil na isang salop ng pinong harinang minasa sa 1 1/3 litrong langis,

7at 1 1/3 litrong alak. Sa ganoon, ang handog ninyo ay magiging mabangong samyo kay Yahweh.

8Kung maghahandog kayo ng isang toro upang sunugin o ihain bilang katuparan ng panata o kaya'y bilang handog pangkapayapaan,

9sasamahan naman ito ng isa't kalahating salop ng pinong harinang minasa sa dalawang litrong langis,

10at ganoon din karaming inumin upang maging mabangong samyo kay Yahweh.

11“Ganyan nga ang gagawin ninyo tuwing maghahandog kayo ng toro, tupang lalaki, batang tupa o batang kambing.

12Ang dami ng handog na pagkaing butil at inumin ay batay sa dami ng handog.

13Ganito nga ang gagawin ng mga katutubong Israelita sa pagdadala nila ng handog na mabangong samyo kay Yahweh.

14Ganito rin ang gagawin ng dayuhang nakikipamayan sa inyo kung nais nilang mag-alay ng mabangong handog kay Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Isa lamang ang tuntuning susundin ninyo at ng mga dayuhan sa habang panahon. Kung ano kayo sa harapan ni Yahweh ay gayon din ang mga dayuhang nakikipamayan sa inyo.

16Magkaroon lamang kayo ng iisang Kautusan at tuntuning susundin ng lahat, maging Israelita o dayuhan."

17Sinabi pa ni Yahweh kay Moises,

18"Sabihin mo ito sa mga Israelita: Pagdating ninyo sa lupaing ibibigay ko sa inyo,

19magbubukod kayo ng handog kay Yahweh tuwing kayo'y kakain ng mga pagkain doon.

20Magbubukod kayo ng tinapay mula sa harinang una ninyong minasa at inyong ihain bilang handog mula sa ani.

21Ihahandog ninyo kay Yahweh ang unang masa ng harina; ito'y tuntunin sa habang panahon.

22"Subalit kung sakaling nakaligtaan ninyong tuparin ang alinman sa utos ni Yahweh na sinabi kay Moises,

23buhat sa pasimula hanggang sa wakas,

24ang buong bayan ay maghahandog ng isang toro bilang handog na susunugin kalakip ng handog na pagkaing butil, at isang kambing na lalaki bilang handog ukol sa kasalanan.

25Ipaghahandog sila ng pari para sa kanilang kasalanan. Kapag nagawa na ito, patatawarin sila sapagkat ito'y pagkakamaling hindi sinasadya, at naghandog na sila para dito.

26Ang buong Israel at ang mga nakikipamayan sa inyo ay patatawarin sapagkat ito'y pagkakamali nilang lahat.

27"Kung ang isang tao'y nagkasala nang hindi sinasadya, magdadala siya ng isang babaing kambing na isang taóng gulang bilang handog para sa kapatawaran ng kasalanan.

28Siya'y ipaghahandog ng pari upang patawarin ni Yahweh.

29Iisa ang tuntuning susundin tungkol sa hindi sinasadyang pagkakasala ng isang Israelita at ng isang dayuhan.

30"Ngunit ititiwalag sa sambayanan ang sinumang magkasala nang sinasadya, maging siya'y katutubong Israelita o dayuhang nakikipamayan, sapagkat iyon ay paglapastangan kay Yahweh.

31Dahil nilabag niya ang kautusan ni Yahweh, siya ang dapat sisihin sa kanyang kamatayan."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Pinarusahan ang Namulot ng Kahoy sa Araw ng Pamamahinga

32Nang sila'y nasa ilang, may nakita silang nangangahoy sa Araw ng Pamamahinga.

33Iniharap nila ito kina Moises, Aaron at sa buong kapulungan.

34Ikinulong muna siya habang hindi pa tiyak kung ano ang gagawin sa kanya.

35Kaya't sinabi ni Yahweh kay Moises, "Dalhin siya sa labas ng kampo at pagbabatuhin ng buong kapulungan hanggang mamatay."

36Ganoon nga ang ginawa nila.

### Ang Palawit sa Damit ng mga Israelita

37Sinabi ni Yahweh kay Moises,

38"Sabihin mo sa mga Israelita na habang panahon silang maglalagay ng palawit sa laylayan ng kanilang mga damit. Susuksukan nila ito ng asul na tali.

39Gagawin ninyo ito upang maalala ninyo at sundin ang mga kautusan ni Yahweh tuwing makikita ninyo ang mga palawit na iyon. Sa ganoon, masusunod ang salita ni Yahweh at hindi ang inyong sariling nasa at kagustuhan.

40Sundin ninyong lagi ang aking mga utos at kayo'y lubos na magiging nakalaan sa akin.

41Ako si Yahweh na inyong Diyos. Ako ang naglabas sa inyo sa Egipto upang maging Diyos ninyo. Ako si Yahweh na inyong Diyos."

## Mga Bilang 16

### Ang Paghihimagsik nina Korah, Datan at Abiram

1Naghimagsik laban kay Moises si Korah na anak ni Izar at apo ni Kohat na anak ni Levi. Kasama niya sa paghihimagsik na ito sina Datan at Abiram na mga anak ni Eliab, at si On na anak ni Pelet na pawang buhat sa lipi ni Ruben.

2May kasama pa silang 250 katao na pawang kilala sa bayan at mga pinuno ng kapulungan.

3Hinarap nila sina Moises at Aaron at sinabi, "Sobra na 'yang ginagawa ninyo! Lahat ng nasa kapulungang ito ay nakalaan kay Yahweh at siya ay nasa kalagitnaan natin! Bakit itinataas ninyo ang inyong sarili higit pa sa kapulungang ito?"

4Nang marinig ito ni Moises, nagpatirapa siya sa lupa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5 Sinabi niya kina Korah, “Bukas ng umaga, ipapakita sa inyo ni Yahweh kung sino ang tunay na nakalaan sa kanya at kung sino lamang ang maaaring lumapit sa kanya. Ang makakalapit lamang sa kanya ay ang kanyang pinili.”

6 At sinabi niya kina Korah, “Ganito ang gawin ninyo: Kumuha kayo ng lalagyan ng insenso

7 bukas, at lagyan ninyo ito ng baga sa harapan ni Yahweh, saka lagyan ng insenso. Kung sino ang tunay na nakalaan kay Yahweh ang siyang pipiliin niya. Kayong mga Levita ay sumosobra na.”

8 Sinabi rin ni Moises sa kanila, “Makinig kayong mga Levita!

9 Hindi pa ba kayo nasisiyahan na kayo'y pinili ni Yahweh upang maglingkod sa kanya sa tabernakulo upang paglingkuran ang bayang Israel?

10 Kayong mga Levita'y ibinukod na ni Yahweh upang maglingkod sa harapan niya, bakit nais ninyong agawin pati ang pagiging pari?

11 Dahil sa hangad ninyong iyan ay naghihimagsik kayo laban kay Yahweh. Sino ba si Aaron upang inyong paghimagsikan?”

12 Ipinatawag ni Moises sina Datan at Abiram na anak ni Eliab ngunit sinabi nila, “Ayaw namin!

13 Hindi pa ba sapat sa iyo na inalis mo kami sa lupaing mayaman at sagana sa lahat ng bagay upang patayin ng gutom dito sa ilang? Bakit gusto mo pang ikaw ay kilalanin naming pinuno?

14 Hanggang ngayo'y hindi mo pa kami nadadala sa lupaing mayaman at sagana sa lahat ng bagay, ni nabibigyan ng bukirin at ubasan na aming mana. Akala mo ba'y malilinlang mo pa kami? Hindi kami pupunta!”

15 Dahil dito, nagalit nang husto si Moises at sinabi kay Yahweh, “Huwag mo po sanang tanggapin ang handog ng mga taong ito. Wala akong kinuha sa kanila kahit isang asno man lang. Wala rin akong ginawang masama ni isa man sa kanila.”

16 Pagkatapos, sinabi ni Moises kay Korah, “Humarap kayo bukas kay Yahweh: ikaw, pati ang mga kasamahan mo. Pupunta rin doon si Aaron.

17 Kayo ng mga kasama mo ay magdala ng tig-iisang lalagyan ng insenso, at magsunog kayo ng insenso sa harapan ni Yahweh. Ganoon din ang gagawin ni Aaron.”

18 Kinabukasan, nagdala nga sila ng insenso at lalagyan nito. Pumunta sila sa may pintuan ng Toldang Tipanan, kasama sina Moises at Aaron.

19 Si Korah at ang kanyang mga kasamahan ay tumayo sa harap ng Toldang Tipanan at tinipon nila doon ang buong bayan sa harap nina Moises at Aaron.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

Walang anu-ano'y nagningning ang kaluwalhatian ni Yahweh sa harap ng buong bayan.

20Sinabi ni Yahweh kina Moises at Aaron,

21“Lumayo kayo sa kanila para malipol ko sila agad.”

22Ngunit nagpatirapa sina Moises at Aaron. Sinabi nila, “O Diyos, ikaw ang nagbibigay-buhay sa lahat ng tao. Lilipulin mo ba ang buong bayan dahil sa kasalanan ng isang tao lamang?”

23Sumagot si Yahweh kay Moises,

24“Sabihin mo sa mga taong-bayan na lumayo sa mga tolda nina Korah, Datan at Abiram.”

25Kaya't tumayo si Moises at pinuntahan sina Datan at Abiram; kasunod niya ang matatandang namumuno sa Israel.

26Sinabi niya sa kapulungan, “Lumayo kayo sa mga tolda ng masasamang taong ito. Huwag ninyong hihipuin ang anumang ari-arian nila at baka kayo'y malipol na kasama nila dahil sa mga kasalanan nila.”

27Lumayo nga sila sa mga tolda nina Korah, Datan at Abiram. Sina Datan at Abiram ay nakatayo sa pintuan ng kanilang tolda, kasama ang kani-kanilang pamilya.

28Sinabi ni Moises, “Malalaman ninyo ngayon na isinugo ako ni Yahweh upang gawin ang mga bagay na ito, at ito'y hindi ko sariling kagustuhan.

29Kapag ang mga taong ito'y namatay sa sakit o sa karaniwang paraan, nangangahulugang hindi ako ang isinugo ni Yahweh.

30Ngunit kapag may ginawang di-pangkaraniwan ang Diyos at bumuka ang lupa at sila'y nilulon nang buháy kasama ang lahat ng may kaugnayan sa kanila, at sila'y nalibing nang buháy sa daigdig ng mga patay, nangangahulugang naghimagsik ang mga taong ito kay Yahweh.”

31Hindi pa halos natatapos sa pagsasalita si Moises ay bumuka na ang lupa,

32at nilulon nang buháy sina Korah pati ang kanilang mga pamilya at mga ari-arian.

33Silang lahat ay nalibing nang buháy. Muling nagsara ang lupa at hindi na sila nakita ng mga Israelita.

34Dahil dito, nagtakbuhan ang mga taong-bayan dahil sa kanilang nasaksihan. “Lumayo tayo rito!” ang sigawan nila. “Baka pati tayo'y lamunin ng lupa.”

35Pagkatapos nito'y nagpaulan ng apoy si Yahweh at sinunog ang 250 kasamahan ni Korah na nagsunog ng insenso.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

36Sinabi ni Yahweh kay Moises,

37“Sabihin mo kay Eleazar na anak ni Aaron na kunin ang mga lalagyan ng insenso at ikalat sa paligid ang mga baga. Kailangang gawin ito sapagkat sagrado ang mga lalagyan ng insenso.

38Naging sagrado ang mga ito nang iharap sa altar ni Yahweh. Kaya't kunin ninyo ang mga lalagyan ng insenso ng mga taong pinatay dahil sa kanilang kasalanan at pitpitin ninyo nang manipis at gawing panakip sa altar. Ang mga iyon ay sagrado sapagkat inihandog na sa akin. Maging babala sana ito sa sambayanang Israel.”

39Kinuha nga ni Eleazar ang mga lalagyan ng insenso na pawang tanso, ipinapitpit nang manipis, at itinakip sa altar.

40Ito'y babala sa mga Israelita na ang sinumang hindi pari o hindi kabilang sa angkan ni Aaron ay hindi dapat mangahas magsunog ng insenso sa harapan ni Yahweh. Baka matulad sila kay Korah at sa mga kasamahan nito. Ang lahat ng ito'y ginawa ni Eleazar ayon sa iniutos ni Yahweh kay Moises.

41Kinabukasan, sinumbatan ng buong bayan sina Moises at Aaron. Sabi nila, “Pinatay ninyo ang bayan ni Yahweh.”

42At nang sila'y nagkakaisa nang lahat laban kina Moises at Aaron, lumingon sila sa Toldang Tipanan at nakita nilang natatakpan ito ng ulap at nagniningning doon ang kaluwalhatian ni Yahweh.

43Pumunta sina Moises at Aaron sa harapan ng Toldang Tipanan.

44Sinabi ni Yahweh kay Moises,

45“Lumayo kayo sa mga taong ito at lilipulin ko sila ngayon din!” Ngunit nagpatirapa sa lupa sina Moises at Aaron.

46Sinabi ni Moises kay Aaron, “Magsunog ka ng insenso sa lalagyan nito. Dalhin mo agad ito sa kapulungan at ihingi mo sila ng tawad kay Yahweh sapagkat kumakalat na ang salot dahil sa kanyang poot.”

47Sinunod nga ni Aaron ang sinabi ni Moises at patakbo siyang nagtungo sa gitna ng kapulungan. Pagdating niya roon ay marami nang patay. Nagsunog siya agad ng insenso at inihingi ng tawad ang sambayanan.

48At siya'y tumayo sa pagitan ng mga patay at buháy; at tumigil ang salot.

49Ang namatay sa salot na iyon ay 14,700, bukod pa sa mga namatay na kasama sa paghihimagsik ni Korah.

50Nang wala na ang salot, nagbalik si Aaron kay Moises sa may pintuan ng Toldang Tipanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

## Mga Bilang 17

### Ang Tungkod ni Aaron

1Sinabi ni Yahweh kay Moises,

2“Sabihin mo sa mga Israelita na ang pinuno ng bawat lipi ay magbigay sa iyo ng tig-iisang tungkod. Isusulat nila ang kanilang mga pangalan dito.

3Ang pangalan ni Aaron ang isusulat mo sa tungkod ng lipi ni Levi sapagkat bawat pinuno ng lipi ay dapat magkaroon ng iisa lamang tungkod.

4Ilalagay mo ang mga tungkod na iyon sa loob ng Toldang Tipanan sa harap ng Kaban ng Tipan, sa lugar kung saan kita kinatatagpo.

5Ang tungkod ng taong aking pinili ay mamumulaklak. Sa ganoon, matitigil na ang pagrereklamo nila laban sa iyo.”

6Ganoon nga ang sinabi ni Moises at nagbigay sa kanya ng tungkod ang mga pinuno ng bawat lipi. Labindalawa lahat pati ang tungkod ni Aaron.

7Ang mga ito'y inilagay ni Moises sa harapan ni Yahweh, sa loob ng Toldang Tipanan.

8Kinabukasan, nang pumasok sa Toldang Tipanan si Moises, nakita niyang may usbong ang tungkod ni Aaron. Bukod sa usbong, namulaklak pa ito at namunga ng hinog na almendra.

9Inilabas ni Moises ang lahat ng tungkod at ipinakita sa mga Israelita. Nakita nila ang nangyari, at kinuha na ng mga pinuno ang kani-kanilang tungkod.

10Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Ibalik mo sa harap ng Kaban ng Tipan ang tungkod ni Aaron upang maging babala sa mga naghihimagsik. Mamamatay sila kung hindi sila titigil ng karereklamo.”

11Ginawa nga ito ni Moises ayon sa iniutos ni Yahweh.

12Sinabi ng mga Israelita kay Moises, “Mapapahamak kami! Mauubos kaming lahat!

13Kung mamamatay ang bawat lumapit sa Toldang Tipanan ni Yahweh, mamamatay kaming lahat!”

## Mga Bilang 18

### Ang Tungkulin ng mga Pari at mga Levita

1Sinabi ni Yahweh kay Aaron, “Ikaw, ang iyong mga anak na lalaki, at ang lipi ni Levi ang may pananagutan sa lahat ng gawain sa Toldang Tipanan. Ngunit sa mga gawain ng pari, ikaw at ang iyong mga anak na lalaki lamang ang mangangasiwa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Ang mga kamag-anak ninyong mga Levita ang tutulong sa iyo at sa iyong mga anak sa inyong paglilingkod sa loob ng Toldang Tipanan.

3Subalit hindi sila lalapit sa altar o sa alinmang sagradong kasangkapan sa loob ng santuwaryo. Kapag lumapit sila, kayong lahat ay mamamatay.

4Liban sa kanila ay wala kayong ibang makakatulong sa anumang gawain sa Toldang Tipanan, at wala ring dapat lumapit sa inyo roon.

5Ikaw lamang at ang iyong mga anak na lalaki ang gaganap sa mga tungkulin sa Toldang Tipanan at sa altar upang hindi ako muling magalit sa sambayanang Israel.

6Ako ang pumili sa mga kamag-anak mong Levita upang makatulong mo sa mga gawaing ito. Handog ko sila sa inyo para maglingkod sa akin sa Toldang Tipanan.

7Ngunit ikaw lamang at ang iyong mga anak na lalaki ang maghahandog sa altar at sa Dakong Kabanal-banalan. Tungkulin ninyo ito. Ikaw lamang ang pinagkalooban ko ng tungkuling ito. Sinumang makialam sa iyo tungkol sa mga sagradong bagay ay dapat patayin.”

**Ang Bahagi ng mga Pari**

8Sinabi ni Yahweh kay Aaron, “Ipinagkakaloob ko sa iyo ang lahat ng tanging handog ng mga Israelita bilang bahagi mo at ng iyong mga anak habang panahon.

9Ito ang nauukol sa iyo at sa iyong mga anak: lahat ng handog na hindi sinusunog sa altar, maging handog na pagkaing butil, maging handog na para sa kapatawaran ng kasalanan o handog na pambayad sa kasalanan.

10Ito ay ituturing ninyong ganap na sagrado at kakainin ninyo sa isang banal na lugar. Ang mga lalaki lamang sa inyong sambahayan ang maaaring kumain nito.

11“Para sa iyo rin at sa iyong sambahayan ang kanilang mga natatanging handog. Lahat ng iyong kasambahay, lalaki at babaing malinis ayon sa Kautusan ay maaaring kumain nito.

12“Ibinibigay ko rin sa iyo ang pinakamainam sa lahat ng unang bunga ng halaman na ihahandog nila sa akin, gayundin ang langis, alak at pagkain.

13Ang lahat ng iyan ay para sa inyo at maaaring kainin ng sinumang kasambahay mo na malinis ayon sa Kautusan.

14“Lahat ng mga bagay na lubos na naialay ng mga Israelita kay Yahweh ay nauukol sa iyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15“Lahat ng panganay, maging tao o hayop na pawang nakatalaga sa akin ay mauuwi sa iyo. Ngunit ang panganay na Israelita at ang panganay ng mga hayop na marurumi ayon sa Kautusan ay tutubusin nila

16isang buwan matapos isilang. Ang tubos sa bawat isa ay limang pirasong pilak, ayon sa timbangan ng templo.

17Ang panganay na baka, tupa o kambing ay hindi na tutubusin. Ang mga ito ay ilalaan sa akin. Ang dugo ng mga ito'y iwiwisik mo sa altar. Susunugin mo naman ang kanilang taba upang ang usok nito'y maging mabangong samyo para sa akin.

18Para sa iyo rin ang pitso at ang kanang hita ng kanilang mga handog.

19“Lahat ng tanging handog nila sa akin ay nauukol sa iyong sambahayan. Ito'y isang di-masisirang kasunduan ko sa iyo at sa iyong mga anak at sa magiging anak pa nila.”

20Sinabi pa ni Yahweh kay Aaron, “Hindi ka na bibigyan ng bahagi sa lupaing ibibigay ko sa kanila; ako mismo ang iyong pinakabahagi at ang iyong mana.

**Ang Bahagi ng mga Levita**

21“Ang bahagi ng mga Levita ay ang ikasampung bahagi na ibibigay ng Israel, at ito ang nauukol sa kanilang paglilingkod sa Toldang Tipanan.

22Mula ngayon, ang mga taong-bayan ay hindi na maaaring lumapit sa Toldang Tipanan, kundi'y magkakasala sila at mamamatay.

23Ang mga Levita lamang ang gaganap ng anumang paglilingkod sa Toldang Tipanan at pananagutan nila ito. Ito ay tuntuning susundin habang panahon sa lahat ng inyong salinlahi. Subalit walang kaparteng lupa ang mga Levita sa Israel

24sapagkat ang bahagi ng mga Levita ay ang ikasampung bahagi ng buong Israel, kaya ko sinabing wala silang kaparte sa Israel.”

**Dapat ding Maghandog ng Ikasampung Bahagi ang mga Levita**

25Sinabi ni Yahweh kay Moises,

26“Sabihin mo sa mga Levita, ‘Pagtanggap ninyo sa ikasampung bahagi ng mga Israelita, ihahandog ninyo kay Yahweh ang ikasampung bahagi noon, samakatuwid ay ang ikasampung bahagi ng ikasampung bahagi.

27Ang handog ninyong ito ay siyang katumbas ng handog ng ibang lipi mula sa ani ng kanilang mga bukirin at ubasan.

28Sa gayong paraan, kayo man ay maghahandog ng ikasampung bahagi kay Yahweh sa pamamagitan ng ikasampung bahagi ng tinatanggap ninyo sa mga Israelita. Iyon naman ay ibibigay kay Aaron.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29Ang pinakamainam sa handog na tinatanggap ninyo ang inyong ihahandog para kay Yahweh.’

30Kaya, sabihin mo sa kanila na pagkatapos ibukod ang pinakamainam na bahagi ng ikasampung bahagi ng buong Israel, ang matitira'y kanila na. Iyan ang siyang katumbas ng inaani ng ibang lipi sa kanilang mga bukirin at ubasan.

31At maaari nilang kainin iyon kahit saan, pati ng kanilang sambahayan sapagkat iyon ang kabayaran sa kanila sa paglilingkod nila sa Toldang Tipanan.

32Hindi kayo magkakasala sa pagkain ng matitira kapag naibukod na ninyo ang pinakamaiinam. Ngunit kung hindi pa naibubukod at naihahandog kay Yahweh ang mga pinakamaiinam, at ito'y kinain ninyo, ituturing na nilalapastangan ninyo ang handog ng mga Israelita, at kayo'y dapat mamatay.”

## Mga Bilang 19

### Ang Abo ng Pulang Baka

1Sinabi ni Yahweh kina Moises at Aaron,

2“Sabihin ninyo sa mga Israelita na pumili ng isang mapula-pulang dumalagang baka na walang kapintasan at hindi pa napagtatrabaho kahit kailan. Ito'y dadalhin nila sa inyo,

3at ibibigay naman ninyo kay Eleazar upang patayin sa labas ng kampo habang siya'y nakatingin.

4Ilulubog ni Eleazar ang kanyang mga daliri sa dugo nito at pitong ulit na wiwisikan ang harap ng Toldang Tipanan.

5Pagkatapos, ang baka'y susunugin nang buo sa harapan ng pari, pati balat, dugo at dumi.

6Habang sinusunog ito, ang pari ay kukuha naman ng kahoy na sedar, ng hisopo at lana, at isasama sa bakang sinusunog.

7Pagkatapos, lalabhan ng pari ang kanyang kasuotan, maliligo siya, saka papasok sa kampo. Ituturing siyang marumi ayon sa Kautusan hanggang kinagabihan.

8Ang kasuotan ng katulong sa pagsusunog ng dumalagang baka ay dapat ding labhan. Kailangan din siyang maligo at ituturing din siyang marumi hanggang kinagabihan.

9Ang abo ng sinunog na baka ay iipunin ng sinumang malinis ayon sa Kautusan. Ilalagay ito sa isang malinis na lugar sa labas ng kampo. Ito ang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

gagamitin ng mga Israelita sa paghahanda ng tubig na panlinis ayon sa Kautusan, sapagkat ang dumalagang bakang iyon ay handog para sa kapatawaran ng kasalanan.

10Ang kasuotan ng mag-iipon ng abo ay lalabhan at ituturing din siyang marumi hanggang sa kinagabihan. Ang tuntuning ito'y susundin ng lahat habang panahon, para sa mga Israelita at maging sa mga dayuhang naninirahan sa bayan nila.

### Mga Dapat Gawin Kapag Nakahawak ng Patay

11“Sinumang makahawak sa patay ay ituturing na marumi sa loob ng pitong araw.

12Upang maging malinis muli, kailangang linisin niya ang kanyang sarili sa ikatlo at ikapitong araw sa pamamagitan ng tubig na inilaan para dito. Kapag hindi niya ginawa ito, hindi siya magiging malinis.

13Sinumang humawak ng bangkay at hindi maglinis ng sarili sa pamamagitan ng tubig na panlinis ay nagpaparumi sa tabernakulo ni Yahweh. Siya'y mananatiling marumi habang panahon, at ititiwalag sa sambayanang Israel.

14“Ito ang tuntunin kapag may namatay sa loob ng tolda: lahat ng naroroon o sinumang pumasok doon ay ituturing na marumi sa loob ng pitong araw.

15Pati mga sisidlang walang takip ay ituturing din na marumi.

16“Lahat namang makahawak ng patay o kalansay sa labas ng tolda, at ang sinumang mapahawak sa libingan ay ituturing din na marumi sa loob ng pitong araw.

17“Ang mga itinuturing na marumi dahil sa paghawak sa patay, kalansay o libingan ay kukuha ng abo na galing sa sinunog na handog para sa kapatawaran ng kasalanan. Ilalagay ito sa isang palangganang may sariwang tubig.

18Pagkatapos, ang isa sa mga itinuturing na malinis ay kukuha ng sanga ng hisopo, ilulubog ito sa tubig at wiwisikan nito ang tolda, ang mga kagamitan dito, at ang lahat ng taong nakahawak ng patay, kalansay o libingan.

19Sa ikatlo at ikapitong araw, ang itinuturing na marumi ay wiwisikan ng sinumang itinuturing na malinis. Pagkatapos, lalabhan ng itinuturing na marumi ang kanyang kasuotan at siya'y maliligo; sa kinagabihan, ituturing na siyang malinis.

20“Sinumang itinuturing na marumi ngunit hindi maglinis sa pamamagitan ng tubig na panlinis ay mananatiling marumi. Ititiwalag siya sa sambayanan sapagkat dinudungisan niya ang santuwaryo ni Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[21]Ang mga ito'y tuntuning susundin ninyo habang panahon. Lalabhan din ang kasuotan ng sinumang magwisik ng tubig na panlinis. At sinumang makahawak sa tubig na ito ay ituturing na marumi hanggang kinagabihan.

[22]Anumang mahawakan ng taong itinuturing na marumi ay ituturing ding marumi hanggang kinagabihan, gayundin ang sinumang humipo sa bagay na iyon."

## Mga Bilang 20

### Ang Bukal Mula sa Malaking Bato

(Exo. 17:1-7)

[1]Nang unang buwan, nakarating ang buong sambayanan ng Israel sa ilang ng Zin at nagkampo sila sa Kades. Doon namatay at inilibing si Miriam.

[2]Wala silang makuhang tubig doon, kaya nagpulong sila laban kina Moises at Aaron.

[3]Sinabi nila, "Mabuti pa'y namatay na kami sa harap ng Tolda ni Yahweh kasama ng iba naming mga kapatid.

[4]Bakit pa ninyo kami dinala rito? Upang patayin ba kasama ng aming mga alagang hayop?

[5]Bakit ninyo kami inilabas sa Egipto at dinala sa disyertong ito na wala kahit isang butil na pagkain, igos, ubas o bunga ng punong granada! Wala man lang tubig na mainom!"

[6]Nagpunta sina Moises at Aaron sa may pintuan ng Toldang Tipanan at nagpatirapa roon. Nagningning sa kanila ang kaluwalhatian ni Yahweh.

[7]Sinabi ni Yahweh kay Moises,

[8]"Dalhin mo ang tungkod na nasa harap ng Kaban ng Tipan at isama ninyo ni Aaron ang buong bayan sa harap ng malaking bato. Pagdating doon, magsalita ka sa bato at lalabas ang tubig para sa taong-bayan at sa kanilang mga alagang hayop."

[9]Kinuha nga ni Moises ang tungkod mula sa Kaban ng Tipan.

[10]Tinipon nina Moises at Aaron sa harap ng malaking bato ang buong bayan. Sinabi niya, "Makinig kayo, mga mapanghimagsik. Gusto ba ninyong magpabukal pa kami ng tubig mula sa batong ito?"

[11]Pagkasabi noon, dalawang ulit na pinalo ni Moises ang bato sa pamamagitan ng tungkod. Biglang bumukal ang masaganang tubig at nakainom ang mga tao pati ang kanilang mga alagang hayop.

[12]Ngunit pinagsabihan ni Yahweh sina Moises at Aaron. Sabi niya, "Dahil kulang ang inyong pananalig sa akin na maipapakita ko sa mga Israelita na

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ako'y banal, hindi kayo ang magdadala sa bayang ito sa lupaing ibibigay ko sa kanila.”

13Nangyari ito sa bukal ng Meriba, kung saan nagreklamo ang Israel laban kay Yahweh at ipinakita niya na siya ay banal.

**Hindi Pinaraan sa Edom ang Israel**

14Mula sa Kades, nagpasabi si Moises sa hari ng Edom, “Ito ang ipinapasabi ng bayang Israel na iyong kamag-anak: Hindi kaila sa iyo ang mga kahirapang dinanas namin.

15Alam mong ang mga ninuno namin ay nagpunta sa Egipto at nanirahan doon nang mahabang panahon, ngunit kami at ang aming mga ninuno ay inapi ng mga Egipcio.

16Dahil dito, dumaing kami kay Yahweh. Dininig niya kami at isinugo sa amin ang isang anghel na siyang naglabas sa amin mula sa Egipto. At ngayo'y narito kami sa Kades, sa may hangganan ng iyong nasasakupan.

17Ipinapakiusap kong paraanin mo kami sa iyong lupain. Hindi kami daraan sa alinmang bukirin o ubasan, ni kukuha ng isang patak na tubig sa inyong mga balon. Sa Lansangan ng Hari kami magdaraan at hindi kami lilihis sa kanan o sa kaliwa hanggang hindi kami nakakalampas sa iyong nasasakupan.”

18Ngunit ganito ang sagot ng mga taga-Edom: “Huwag kayong makadaan-daan sa aming nasasakupan! Kapag kayo'y nangahas, sasalakayin namin kayo.”

19Sinabi ng mga Israelita, “Hindi kami lilihis ng daan. Sakaling makainom kami o ang aming mga alagang hayop ng inyong tubig, babayaran namin, paraanin lamang ninyo kami.”

20“Hindi maaari!” sagot ng mga taga-Edom. At tinipon nila ang kanilang buong hukbo upang salakayin ang mga Israelita.

21Hindi nga pinaraan ng mga taga-Edom sa kanilang nasasakupang lugar ang mga Israelita kaya humanap na lang sila ng ibang daan.

**Namatay si Aaron sa Bundok ng Hor**

22Naglakbay ang mga Israelita mula sa Kades at nakarating sa Bundok ng Hor,

23sa may hanggahan ng lupain ng Edom. Sinabi ni Yahweh kina Moises at Aaron,

24“Mamamatay si Aaron at hindi siya makakapasok sa lupaing ibibigay ko sa Israel sapagkat sinuway ninyo ang utos ko sa inyo sa Meriba.

25Isama mo siya at ang anak niyang si Eleazar sa itaas ng Bundok ng Hor.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Pagdating doon, hubarin mo ang kasuotan niya at isuot mo iyon kay Eleazar. At doon na mamamatay si Aaron."

27Ganoon nga ang ginawa ni Moises. Umakyat sila sa bundok habang nakatingin ang buong bayan.

28Pagdating sa itaas ng bundok, hinubad ni Moises ang kasuotan ni Aaron at isinuot kay Eleazar. Doon ay namatay si Aaron, subalit sina Moises at Eleazar ay bumalik sa kapatagan.

29Nang malaman ng sambayanan na patay na si Aaron, tatlumpung araw silang nagluksa.

## Mga Bilang 21

### Sinalakay ng mga Cananeo ang mga Israelita

1Nabalitaan ng hari ng Arad, isang haring Cananeo sa timog, na magdaraan sa Atarim ang mga Israelita. Sinalakay niya ang mga ito at nakabihag ng ilan.

2Kaya ang mga Israelita'y gumawa ng panata kay Yahweh. Sabi nila, "Tulungan ninyo kaming talunin ang mga taong ito at wawasakin namin ang kanilang mga lunsod para sa iyo."

3Dininig naman sila ni Yahweh. Kaya, nang mabihag nila ang mga Cananeo ay winasak nga nila ang lunsod ng mga ito, at tinawag nilang Horma ang lugar na iyon.

### Ang mga Makamandag na Ahas

4Mula sa Bundok ng Hor, nagpatuloy ang mga Israelita patungong Dagat na Pula upang iwasan ang Edom. Subalit nainip sila sa pasikut-sikot na paglalakbay.

5Nagreklamo sila sa Diyos at kay Moises, "Inilabas mo ba kami sa Egipto upang mamatay lamang sa ilang na ito? Wala kaming makain ni mainom! Suyang-suya na kami sa walang kuwentang pagkaing ito."

6Dahil dito, pinadalhan sila ni Yahweh ng mga makamandag na ahas at maraming Israelita ang natuklaw ng mga ito at namatay.

7Kaya, lumapit sila kay Moises. Sinabi nila, "Nagkasala kami kay Yahweh at sa iyo. Ipanalangin mo kami na kanyang paalisin ang mga ahas na ito." Nanalangin nga si Moises para sa Israel

8at ganito ang sagot sa kanya ni Yahweh: "Gumawa ka ng isang ahas na tanso. Ilagay mo iyon sa dulo ng isang mahabang kahoy. Sinumang natuklaw ng ahas at tumingin doon ay hindi mamamatay."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Ganoon nga ang ginawa ni Moises. Kaya lahat ng natuklaw ng ahas ay tumitingin sa ahas na tanso at hindi nga namamatay.

**Ang Paglalakbay ng Israel sa Palibot ng Moab**

10Ang bayang Israel ay nagpatuloy sa paglalakbay at nagkampo sa Obot.

11Mula roon, nagtuloy sila sa mga guho ng Abarim, sa ilang na nasa silangan ng Moab.

12Pag-alis doon, nagpatuloy sila sa Libis ng Zared.

13Buhat naman dito ay nagtuloy sila sa kabila ng Ilog Arnon, isang lugar na nasa pagitan ng lupain ng mga Amoreo at ng mga Moabita.

14Kaya natala sa *Aklat ng mga Pakikipagdigma ni Yahweh* ang ganito: “Parang ipu-ipong sinakop niya ang Waheb at ang kapatagan ng Arnon,

15at ang kataasan hanggang sa kapatagan ng Ar at sa hangganan ng Moab.”

16Mula sa Arnon, nagpatuloy sila hanggang sa lugar na tinatawag na Balon. Ang lugar na ito'y tinawag na Balon sapagkat dito sila pinahukay ni Yahweh ng balon para makunan ng tubig.

17Umawit sila roon ng ganito: “Bumukal ka ng tubig, O balon at sa iyo'y awit ang aming tugon,

18mga pinuno ang humukay sa iyo na ang gamit ay tungkod at setro.” Mula sa ilang na iyon ay nagtuloy sila sa Matana,

19nagdaan ng Nahaliel at Bamot.

20Pag-alis doo'y nagtuloy sila sa isang kapatagang sakop din ng Moab, sa tuktok ng Pisga na nakaharap sa ilang.

**Nalupig ng Israel sina Haring Sihon at Og**
(Deut. 2:26–3:11)

21Ang mga Israelita'y nagsugo kay Haring Sihon, isang Amoreo. Ipinasabi nila,

22“Maaari po bang makiraan kami sa inyong lupain? Hindi po kami daraan sa alinmang bukirin o ubasan, ni iinom sa inyong balon. Sa Lansangan ng Hari po kami daraan hanggang sa makalampas kami sa inyong nasasakupan.”

23Subalit hindi sila pinahintulutan ni Haring Sihon; sa halip, tinipon niya ang kanyang hukbo at sinalakay ang mga Israelita sa Jahaz.

24Ngunit nagwagi ang mga Israelita at nasakop ang kanyang lupain, mula sa Ilog Arnon hanggang Jabok, sa may hangganan ng Ammon. Matitibay ang mga kuta ng Ammon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Sinakop ng mga Israelita ang mga lunsod ng mga Amoreo, pati ang Lunsod ng Hesbon at ang mga bayang sakop nito. Pagkatapos, sila na ang nanirahan sa mga lunsod na ito ng mga Amoreo.

26Ang Hesbon ang siyang punong-lunsod ni Haring Sihon na lumupig sa hari ng Moab at sumakop sa lupain nito hanggang Ilog Arnon.

27Kaya ang sabi ng mga mang-aawit, "Halikayo sa Hesbon at muling itayo ang lunsod ni Sihon.

28Mula sa Hesbon na lunsod ni Sihon, lumabas na parang apoy ang kanyang hukbo. Tinupok nito ang lunsod ng Ar sa Moab, at nilamon ang kaburulan ng Arnon.

29Kawawa ka, Moab, sapagkat ito na ang iyong wakas! Kawawa ka, bayan ng diyos na si Cemos! Ang mga anak mong lalaki ay hinayaan niyang maging pugante. Ang mga anak mong babae ay nabihag ni Sihon na hari ng mga Amoreo.

30Napuksa pati ang mga sanggol mula sa Hesbon hanggang sa Dibon, mula sa Nasim hanggang sa Nofa na malapit sa Medeba."

31Nanirahan nga ang mga Israelita sa lupaing nakuha nila sa mga Amoreo.

32Pagkatapos, si Moises ay nagsugo ng mga espiya sa Jazer, at nasakop din nila ito pati ang mga karatig-bayan nito. Pinalayas din nila ang mga Amoreo roon.

33Hinarap naman nila ang Bashan, ngunit nilabanan sila ni Haring Og sa Edrei.

34Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Huwag kang matakot sapagkat ipapalupig ko siya sa iyo. Magagawa mo sa kanya ang ginawa mo kay Haring Sihon ng Hesbon."

35Napatay nga nila si Og, ang mga anak nito at ang lahat ng kababayan nito, wala silang itinirang buháy. Sinakop nila ang lupaing iyon.

## Mga Bilang 22

### Ipinatawag ni Balac si Balaam

1Nagpatuloy ng paglalakbay ang mga Israelita at nagkampo sila sa kapatagan ng Moab, sa gawing silangan ng Jordan, sa tapat ng Jerico.

2Ang lahat ng ginawa ng mga Israelita sa mga Amoreo ay hindi lingid kay Haring Balac na anak ni Zippor. Ngunit hindi siya makakilos laban sa mga Israelita sapagkat napakarami ng mga ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[3]Natakot sa mga Israelita ang mga Moabita sapagkat lubhang napakarami ng mga Israelita.

[4]Kaya sinabi nila sa pinuno ng Midian, “Uubusin ng mga taong ito ang mga bayan sa paligid natin, tulad ng pag-ubos ng baka sa sariwang damo.”

[5]At nagsugo si Haring Balac kay Balaam na anak ni Beor, sa bayan ng Petor, sa may Ilog Eufrates sa lupain ng mga Amaw. Ganito ang kanyang ipinasabi: “May isang sambayanang dumating buhat sa Egipto. Nasakop na nila ang mga bansa sa paligid namin. Malapit na sila ngayon sa aking lupain.

[6]Napakarami nila. Magpunta ka agad dito at sumpain mo sila. Siguro malulupig ko sila pagkatapos mong sumpain sapagkat alam kong pinagpapala ang binabasbasan mo at minamalas naman ang mga isinusumpa mo.”

[7]Nagpunta ang mga pinuno ng Moab at ng Midian kay Balaam na dala ang pambayad para sumpain nito ang Israel. Sinabi nila ang ipinapasabi ni Balac.

[8]Ito ang tugon ni Balaam: “Dito na kayo matulog ngayong gabi para masabi ko agad sa inyo ang anumang sasabihin sa akin ni Yahweh.” At doon nga sila natulog.

[9]Itinanong ng Diyos kay Balaam, “Sino ba 'yang mga taong kasama mo?”

[10]Sumagot si Balaam, “Mga sugo po ni Haring Balac ng Moab na anak ni Zippor.

[11]Gusto niyang sumpain ko ang sambayanang galing sa Egipto sapagkat nasakop na ng mga ito ang halos lahat ng lupain sa paligid. Baka raw po sa ganoong paraan niya maitaboy sa malayo ang mga iyon.”

[12]Sinabi ng Diyos kay Balaam, “Hindi ka dapat sumama sa mga taong iyan. Huwag mong sumpain ang mga taong tinutukoy nila sapagkat pinagpala ko ang mga iyon.”

[13]Kinaumagahan, sinabi ni Balaam sa mga panauhin niya, “Umuwi na kayo. Ayaw akong pasamahin ni Yahweh sa inyo.”

[14]Umuwi nga ang mga pinuno at sinabi kay Haring Balac na ayaw sumama sa kanila ni Balaam.

[15]Kaya't nagsugong muli si Balac ng mas marami at kagalang-galang na mga pinuno kay Balaam.

[16]Pagdating doon, sinabi nila, “Ipinapasabi ni Balac na huwag kang mag-atubili sa pagpunta sa kanya.

[17]Pagdating mo raw doon, pararangalan ka niyang mabuti at ibibigay sa iyo ang anumang magustuhan mo, sumpain mo lamang ang mga Israelita.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Ang sagot ni Balaam, “Ibigay man sa akin ni Balac ang lahat ng ginto't pilak
sa kanyang palasyo, kahit kaunti'y hindi ko maaaring suwayin ang utos sa
akin ni Yahweh na aking Diyos.

19Gayunman, dito na kayo magpalipas ng gabi para malaman natin kung ano
pa ang sasabihin sa akin ni Yahweh.”

20Kinagabihan, lumapit ang Diyos kay Balaam at sinabi sa kanya, “Sumama
ka sa kanila ngunit ang ipinapasabi ko lamang sa iyo ang sasabihin mo.”

**Ang Anghel at ang Asno ni Balaam**

21Kinabukasan ng umaga, inihanda ni Balaam ang kanyang asno at sumama
sa mga pinuno ni Balac,

22kasama ang dalawa niyang utusan. Nagalit ang Diyos dahil sa
pangyayaring ito kaya't hinadlangan ng anghel ni Yahweh ang daraanan ni
Balaam.

23Nakatayo sa daan ang anghel, hawak ang kanyang tabak. Nang makita ng
asno ang anghel, lumihis ito ng daan at nagpunta sa bukirin. Kaya, pinalo ito
ni Balaam at pilit na ibinabalik sa daan.

24Ang anghel naman ni Yahweh ay tumayo sa makitid na daan sa pagitan ng
ubasan at ng pader.

25Nang makita siya ng asno, sumiksik ito sa pader at naipit ang paa ni
Balaam. Kaya't muli itong pinalo ni Balaam.

26Ngunit ang anghel ay humarang muli sa lugar na wala nang malilihisan ang
asno.

27Nang makita na naman siya ng asno, nahiga na lamang ito. Kaya, nagalit
si Balaam at muling pinalo ang asno.

28Ngunit pinagsalita ni Yahweh ang asno. Itinanong nito kay Balaam, “Ano
bang kasalanan ko sa iyo? Bakit tatlong beses mo na akong pinapalo?”

29Sinabi ni Balaam sa asno, “Pinalo kita sapagkat ginagawa mo akong
hangal. Kung may tabak lang ako, baka napatay na kita.”

30Sinabi ng asno kay Balaam, “Hindi ba't ako ay iyong asno at sa simula pa'y
ako lang ang sinasakyan mo? Ginawa ko na ba ito sa iyo?” “Hindi!” sagot ni
Balaam.

31Sa sandaling ito'y ipinakita ni Yahweh kay Balaam ang anghel na nakatayo
sa daan at may hawak pa ring tabak. Kaya't nagpatirapa si Balaam.

32Tinanong siya ng anghel ni Yahweh, “Bakit tatlong beses mo nang pinalo
ang iyong asno? Sadyang humaharang ako sa daan sapagkat mali ang
binabalak mong gawin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

33Tuwing makikita ako ng asno mo ay lumilihis ito. Pangatlong beses na niyang ginagawa ito. Kung hindi siya lumihis baka napatay na kita, ngunit siya'y hindi ko sasaktan."

34Sinabi ni Balaam sa anghel, "Nagkasala ako. Hindi ko alam na nakatayo kayo sa aking daraanan. Babalik na ako kung hindi ayon sa inyong kalooban ang lakad kong ito."

35Sumagot ang anghel, "Huwag ka nang bumalik. Sumama ka sa kanila ngunit ang sinabi ko sa iyo ang sabihin mo sa kanila." At sumama si Balaam sa mga sugo ni Balac.

**Si Balaam at si Balac**

36Nang malaman ni Balac na dumarating si Balaam, sinalubong niya ito sa lunsod ng Ar sa may Ilog Arnon sa may hangganan ng Moab.

37Sinabi niya kay Balaam, "Kailangang-kailangan kita kaya kita ipinatawag. Bakit ngayon ka lang? Akala mo ba'y hindi kita kayang gantimpalaan?"

38Sumagot si Balaam, "Naparito nga ako ngunit wala akong maaaring sabihin liban sa ipinapasabi sa akin ng Diyos."

39At sila'y magkasamang nagpunta sa lunsod ng Huzot.

40Pagdating doon, si Balac ay naghandog ng baka at tupa. Pagkatapos, pinakain niya si Balaam at ang mga pinunong kasama nila.

41Kinabukasan, isinama ni Balac si Balaam sa Bamot-Baal kung saan ay abot-tanaw na ang ilang mga Israelita.

## Mga Bilang 23

1Sinabi ni Balaam kay Balac, "Magpagawa ka rito ng pitong altar at magdala ka rito ng pitong toro at pitong tupa."

2Ganoon nga ang ginawa ni Balac. At silang dalawa ay naghandog ng isang toro at isang lalaking tupa sa bawat altar.

3Sinabi ni Balaam kay Balac, "Bantayan mo ang mga handog na ito. Aalis muna ako at baka sakaling makipagkita na sa akin si Yahweh. Anumang sabihin niya sa akin ay sasabihin ko sa iyo." At nagpunta siyang mag-isa sa tuktok ng isang burol.

**Pinagpala ni Balaam ang Israel**

4Nakipagkita nga kay Balaam ang Diyos. Sinabi ni Balaam, "Nagpagawa po ako ng pitong altar at bawat isa'y pinaghandugan ko ng isang toro at isang lalaking tupa."

5May sinabi kay Balaam si Yahweh. Pagkatapos, pinabalik ito kay Balac.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6 Nadatnan niya si Balac at ang mga pinuno sa paligid ng handog na sinusunog.

7 Sinabi ni Balaam, “Mula sa Aram, sa bulubundukin sa silangan, ipinatawag ako ni Balac na hari ng Moab. Ang sabi niya sa akin, ‘Halika't ang bansa ni Jacob ay iyong sumpain. Halika't itakwil mo ang bansang Israel!’

8 Ang pinagpala ng Diyos ay paano ko susumpain? Ang binasbasan ni Yahweh, paano ko nga itatakwil?

9 Mula sa tuktok ng mga bundok sila'y aking natatanaw, nakikita ko silang lahat mula sa kaburulan. Sila'y isang bansang namumuhay na mag-isa, alam nilang sila'y mapalad kaysa mga iba!

10 Ang lahi ni Jacob, alabok ang kagaya; kung ang Israel ay bilangin, ito ba'y makakaya? Mamatay nawa akong gaya ng anak ng Diyos; sa kapayapaan ng matuwid, buhay ko nawa'y matapos!”

11 Itinanong ni Balac kay Balaam, “Bakit ganyan ang ginagawa mo? Di ba't tinawag kita para sumpain ang aking mga kaaway? Ngunit sa halip ay binabasbasan mo pa sila!”

12 Sumagot siya, “Hindi maaaring di ko sabihin ang ipinapasabi ni Yahweh.”

13 Sinabi sa kanya ni Balac, “Pumunta tayo sa ibang lugar, sa lugar na hindi mo makikita ang lahat ng mga Israelita. Doon mo sila sumpain.”

14 At nagpunta sila sa bukirin ni Zofim, sa taluktok ng Pisga. Nagpagawa sila roon ng pitong altar at bawat isa'y hinandugan ng tig-iisang toro at tig-iisang tupa.

15 Sinabi ni Balaam kay Balac, “Dito ka lang sa may mga handog na sinusunog at pupunta ako sa dako roon para makipagkita kay Yahweh.”

16 Pagkalayo niya nang kaunti, nagpakita si Yahweh sa kanya at sinabi kung ano ang dapat niyang sabihin kay Balac.

17 Pagbalik niya, nakita niya si Balac at ang mga pinunong kasama nito na nakatayo sa paligid ng handog. Tinanong siya ni Balac, “Ano ang sabi ni Yahweh?”

18 Sinabi ni Balaam, “Makinig ka, Balac, dinggin mo ako, anak ni Zippor, may sasabihin ako sa iyo:

19 Ang Diyos ay di sinungaling na tulad ng tao. Anumang sabihin niya'y kanyang gagawin, kung mangako man siya, ito'y kanyang tutuparin.

20 Ang utos sa akin, sila'y pagpalain; ang pagpapala ng Diyos, di ko kayang bawiin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Sa Israel ay wala akong makitang kasawian, sa kanila ay wala ring
kapahamakan. Ang Diyos nilang si Yahweh ang kanilang kasama,
ipinapahayag nilang siya ang hari nila.

22Ang Diyos ang naglabas sa kanila sa Egipto, sila'y ipinaglaban niya nang
tulad sa mailap na toro.

23Si Jacob ay hindi makakayang kulamin, ang Israel ay hindi maaaring
sumpain. Tungkol sa Israel, ito ang sasabihin ng mga tao: ‘Ito ang gawa ng
Diyos at pagmasdan ninyo!’

24Ang Israel ay kasinlakas ng isang leon, hindi tumitigil hanggang kaaway ay
di nalalamon at hanggang ang dugo nito ay di niya naiinom.”

25Sinabi ni Balac kay Balaam, “Kung ayaw mo silang sumpain, huwag mo
naman sanang pagpalain.”

26Ngunit ang sagot ni Balaam, “Hindi ba't sinabi ko na sa iyong gagawin ko
lamang ang lahat ng sinabi sa akin ni Yahweh?”

27Sinabi ni Balac, “Halika. Lumipat tayo ng lugar at baka ipahintulot na ng
Diyos na sumpain mo roon ang mga Israelita.”

28At magkasama silang nagpunta sa tuktok ng Peor, kung saan natatanaw
nila ang ilang.

29Sinabi ni Balaam kay Balac, “Magpagawa ka rito ng pitong altar at
magpakuha ng pitong toro at pitong tupa.”

30Gayon nga ang ginawa ni Balac. Bawat altar ay hinandugan niya ng tig-
iisang toro at tig-iisang lalaking tupa.

## Mga Bilang 24

1Nang matiyak ni Balaam na talagang gusto ni Yahweh na basbasan niya
ang Israel, hindi na siya humanap ng palatandaan tulad ng dati. Tumanaw
siya sa ilang

2at nakita niya ang kampo ng Israel, sama-sama bawat lipi. Nilukuban siya
ng Espiritu ng Diyos

3at siya'y nagsalita, “Ang pahayag ni Balaam na anak ni Beor, ang pahayag
ng taong may malinaw na paningin.

4Ang pahayag ng nakikinig sa mga salita ng Diyos, at nakakakita ng pangitain
buhat sa Makapangyarihan. Kahit nabulagta sa lupa ngunit nanatiling
malinaw ang paningin.

5Anong ganda, O Jacob, ng iyong mga tolda; kay inam, O Israel, ng iyong
mga tirahan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Wari'y napakalawak na libis, parang hardin sa tabi ng batis. Wari'y punongkahoy na mabango, itinanim ni Yahweh, matataas na punong sedar sa tabi ng mga bukal.

7Ang tubig ay aapaw sa lahat niyang sisidlan, kapangyarihan niya'y madarama sa lahat ng lugar. Ang hari niya ay magiging mas malakas kaysa kay Agag, at ang kanyang kaharian ay magiging napakalawak.

8Inilabas siya ng Diyos sa bansang Egipto; ang lakas na ginamit niya'y waring lakas ng toro. Kaaway niya'y lulupigin pati buto'y dudurugin; sa tulis ng kanyang pana, lahat sila'y tutuhugin.

9Siya'y parang leon sa kanyang higaan, walang mangahas gumambala sa kanyang pagkahimlay. Pagpalain nawa ang sa iyo ay nagpapala; susumpain ang lahat ng sa iyo ay susumpa."

**Ang Pahayag ni Balaam**

10Galit na galit si Balac kay Balaam. Nanggigil siya sa galit at kanyang sinabi, "Ipinatawag kita upang sumpain ang aking mga kaaway. Ngunit anong ginawa mo? Tatlong beses mo pa silang binasbasan!

11Mabuti pa'y umuwi ka na! Pararangalan sana kita pero hinadlangan iyon ni Yahweh."

12Sinabi ni Balaam kay Balac, "Sinabi ko na sa iyong mga sugo

13na kahit ibigay mo sa akin ang lahat ng pilak at ginto sa iyong sambahayan ay hindi ko gagawin ang hindi ipinagagawa sa akin ni Yahweh. Sinabi ko rin sa kanila na ang sasabihin lamang sa akin ni Yahweh ang siya kong sasabihin."

14"Oo, uuwi ako. Ngunit sasabihin ko muna sa iyo kung ano ang gagawin sa inyo ng bayang ito balang araw."

15Muli siyang nagsalita, "Ang pahayag ni Balaam na anak ni Beor, ang mensahe ng taong may malinaw na paningin.

16Ang pahayag ng isang taong nakikinig sa salita ng Diyos, ng nakakaalam ng kalooban ng Kataas-taasang Diyos, ng nakakakita ng pangitain buhat sa Makapangyarihan. Kahit nabuwal sa lupa'y malinaw pa rin ang aking paningin.

17Mayroon akong nakikita ngunit hindi pa ngayon magaganap, nakikita ko ngayon ang mangyayari sa hinaharap. Mula sa lahi ni Jacob ay lilitaw ang isang bituin, sa lahi ni Israel ay may maghahari rin. Mga pinuno ni Moab ay kanyang lilipulin, lahat ng mga anak ni Set ay kanyang pababagsakin.

18Sasakupin niya ang Edom at ang mga kaaway niya sa Seir, samantala'y patuloy na magwawagi ang bansang Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Lulupigin silang lahat nitong bansang Israel, ang natitirang buháy sa mga lunsod ay kanilang uubusin.”

20Nang makita niya sa pangitain ang Amalek ay ganito ang sinabi niya: “Ang Amalek ay bansang pangunahin, ngunit sa huli, siya ay lilipulin.”

21Sinabi pa niya nang makita sa pangitain ang mga Cineo: “Tirahan mo ay matibay at matatag.

22Gayunman, ang bansang Cineo ay parang pugad na nasa mataas. Di magtatagal, bibihagin ka ni Asur.”

23Nagpatuloy siya sa kanyang pahayag, “Sino'ng maaaring mabuhay kapag ito'y isinagawa ng Diyos?

24Darating ang mga barko, mula sa Kitim upang kanilang lusubin si Asur at si Eber, ngunit sa bandang huli, siya'y malulupig din.”

25Pagkatapos, si Balaam ay umuwi na, at ganoon din si Balac.

## Mga Bilang 25

### Sumamba ang Israel kay Baal-peor

1Samantalang nakahimpil sa Sitim ang Israel, ang mga kalalakihan nila'y nakipagtalik sa mga babaing Moabita na naroroon.

2Inanyayahan sila ng mga ito sa paghahandog nila sa mga diyus-diyosan. Ang mga Israelita'y nakikain sa mga atang na iyon at sumamba rin sa mga diyus-diyosan doon.

3Sumali sa pagsamba kay Baal-peor ang mga Israelita kaya nagalit sa kanila si Yahweh.

4Sinabi niya kay Moises, “Tipunin mo ang mga pinuno ng Israel at patayin mo sila sa harap ng madla para mapawi ang galit ko sa Israel.”

5Iniutos ni Moises sa mga hukom ng Israel, “Patayin ninyo ang lahat ng kasamahan ninyong sumamba kay Baal-peor.”

6Samantalang si Moises at ang buong bayan ay nananangis sa harap ng Toldang Tipanan, dumating ang isang Israelita. May kasama itong Midianita, at hayagang ipinasok sa kanyang tolda.

7Nang makita ito ni Finehas na anak ni Eleazar at apo ni Aaron, umuwi siya at kumuha ng sibat.

8Sinundan niya sa tolda ang Israelitang may kasamang Midianita at tinuhog silang dalawa ng sibat. Dahil dito, tumigil ang salot na sumasalanta sa Israel.

9Gayunman, dalawampu't apat na libo na ang namatay sa salot na iyon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Sinabi ni Yahweh kay Moises,

11“Dahil sa ginawa ni Finehas, pinahalagahan niya ang aking karangalan. Kaya, hindi ko nilipol ang mga Israelita dahil sa aking galit.

12Sabihin mo sa kanyang ako'y gumagawa ng isang kasunduan sa kanya; ipinapangako kong hindi ko siya pababayaan kailanman.

13Mananatili ang walang katapusang pagkapari sa kanya at sa kanyang angkan sapagkat ipinagtanggol niya ang aking karangalan, at ginawa niya ang pagtubos sa kasalanan ng sambayanang Israel.”

14Ang Israelitang nagsama ng Midianita at napatay ni Finehas ay si Zimri na anak ni Salu at isa sa mga pinuno ng angkan sa lipi ni Simeon.

15Ang Midianita naman ay si Cozbi na anak ni Zur, na isa sa mga pinuno ng angkan sa Midian.

16Sinabi ni Yahweh kay Moises,

17“Salakayin ninyo ang mga Midianita at puksain sila

18dahil sa kasamaang ginawa nila sa inyo nang akitin nila kayong sumamba sa mga diyus-diyosan sa Peor, at sa ginawa ng kababayan nilang si Cozbi na pinatay ni Finehas noong sinasalanta kayo ng salot sa Peor.”

## Mga Bilang 26

### Ang Pangalawang Sensus

1Pagkalipas ng salot, sinabi ni Yahweh kina Moises at Eleazar na anak ni Aaron,

2“Magsagawa ka ng isang sensus. Bilangin at ilista ninyo ang pangalan ng mga Israelita na maaaring isama sa hukbo upang makipagdigma, mula sa gulang na dalawampung taon pataas.”

3Dahil dito, tinipon nila ang mga pinuno sa kapatagan ng Moab, sa tabi ng Jordan, sa tapat ng Jerico.

4Binilang at inilista ang mga Israelita tulad ng iniutos ni Yahweh kay Moises. Ito ang listahan ng mga Israelitang umalis sa Egipto:

5Sa lipi ni Ruben na panganay ni Israel ay ang mga angkan nina Hanoc, Fallu,

6Hesron at Carmi.

7Ang mga angkang ito ang bumubuo sa lipi ni Ruben. Silang lahat ay 43,730.

8Ang anak ni Fallu ay si Eliab

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9at ang mga anak ni Eliab ay sina Nemuel, Datan at Abiram. Sina Datan at Abiram, kasama ng pangkat ni Korah, ang nagpasimuno sa mga Israelita ng paghihimagsik laban kina Moises at Aaron, at kay Yahweh.

10Si Korah naman at ang kanyang 250 kasama ang nilamon ng lupa. Ang mga pangyayaring ito ay nagsilbing babala sa buong bayan.

11Gayunma'y hindi kasamang namatay ang mga anak ni Korah.

12Sa lipi naman ni Simeon ay ang mga angkan nina Nemuel, Jamin, Jaquin,

13Zera at Saul.

14Ang kabuuang bilang ng lipi ni Simeon ay 22,200.

15Sa lipi ni Gad ay ang mga angkan nina Zefon, Hagui, Suni,

16Ozni, Eri,

17Arod at Areli.

18Ang kabuuang bilang ng lipi ni Gad ay 40,500.

19Sa lipi naman ni Juda, hindi kabilang sina Er at Onan na namatay sa Canaan, ay

20ang mga angkan nina Sela, Fares, Zara,

21Hezron at Hamul.

22Ang kabuuang bilang sa lipi ni Juda ay 76,500.

23Sa lipi ni Isacar ay ang mga angkan nina Tola, Pua,

24Jasub at Simron.

25Lahat-lahat sa lipi ni Isacar ay 64,300.

26Sa lipi ni Zebulun ay ang mga angkan nina Sered, Elon at Jahleel.

27Silang lahat ay 60,500.

28Sa lipi ni Jose na may dalawang anak ay ang mga angkan nina Manases at Efraim.

29Sa lipi ni Manases ay ang angkan ni Maquir at ang anak nitong si Gilead.

30Ang angkan ni Gilead ay binubuo ng mga sambahayan nina Jezer, Helec,

31Asriel, Shekem,

32Semida, at Hefer.

33Si Zelofehad na anak ni Hefer ay hindi nagkaanak ng lalaki, kundi panay babae: sina Maala, Noa, Hogla, Milca at Tirza.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

34Lahat-lahat sa angkan ni Manases ay 52,700.

35Sa lipi ni Efraim ay ang mga angkan nina Sutela, Bequer, at Tahan.

36Ito naman ang bumubuo sa angkan ni Sutela: si Eran at ang kanyang sambahayan.

37Ang kabuuang bilang sa lipi ni Efraim ay 32,500. Ito ang mga angkang nagmula sa lipi ni Jose.

38Sa lipi ni Benjamin ay ang mga angkan nina Bela, Asbel, Ahiram,

39Sufam, at Hufam.

40Ang bumubuo sa angkan ni Bela ay ang mga sambahayan nina Ard at Naaman.

41Lahat-lahat sa lipi ni Benjamin ay 45,600.

42Sa lipi ni Dan ay ang angkan ni Suham

43na ang kabuuang bilang ay 64,400.

44Sa lipi ni Asher ay ang mga angkan nina Imna, Isvi, at Beria.

45Ang angkan ni Beria ay binubuo ng mga sambahayan nina Heber at Malquiel.

46Si Asher ay may anak na babae na nagngangalang Sera.

47Lahat-lahat sa lipi ni Asher ay 53,400.

48Sa lipi ni Neftali ay ang mga angkan nina Jahzeel, Guni,

49Jezer at Silem.

50Lahat-lahat sa lipi ni Neftali ay 45,400.

51Ang kabuuang bilang ng mga Israelita ay 601,730.

**Ang Paghahati ng Lupain**

52Sinabi ni Yahweh kay Moises,

53“Hatiin mo ang lupain ayon sa laki ng bawat lipi.

54Malaki ang kaparte ng malaking lipi at maliit ang sa maliit na lipi. Ang kaparte ng bawat lipi ay ayon sa dami ng kanyang bilang.

55Ang lupain ay hahatiin sa pamamagitan ng palabunutan, sa pangalan ng bawat lipi.

56Ang pagtatakda ng kaparte ng bawat lipi ay dadaanin sa palabunutan.”

**Ang Lipi ni Levi**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

57Ang lipi naman ni Levi ay binubuo ng mga angkan nina Gershon, Kohat, at Merari.

58Kabilang din sa liping ito ang mga sambahayan ni Libni, Hebron, Mahli, Musi at Korah. Si Kohat ang ama ni Amram,

59na napangasawa ni Jocebed na kabilang din sa lipi ni Levi. Isinilang si Jocebed sa Egipto. Naging anak nila sina Aaron, Moises at Miriam.

60Naging anak naman ni Aaron sina Nadab, Abihu, Eleazar at Itamar.

61Sina Nadab at Abihu ay namatay nang sila'y gumamit ng apoy na di karapat-dapat kay Yahweh.

62Lahat-lahat, ang natala sa lipi ni Levi ay 23,000, mula sa gulang na isang buwan pataas. Sila'y hindi kabilang sa talaan ng Israel sapagkat hindi sila kasama sa paghahati ng lupain.

**Sina Caleb at Josue Lamang ang Natira**

63Ito ang mga Israelitang binilang at inilista ni Moises at ng paring si Eleazar sa kapatagan ng Moab, sa tabi ng Jordan, sa may tapat ng Jerico.

64Dito'y walang kasama isa man sa mga Israelitang itinala nina Moises at Aaron noong sila'y nasa Bundok ng Sinai.

65Ang mga ito'y namatay, liban kina Caleb na anak ni Jefune at Josue na anak ni Nun, tulad ng sinabi ni Yahweh.

## Mga Bilang 27

**Ang Kahilingan ng mga Anak ni Zelofehad**

1Sina Maala, Noa, Hogla, Milca at Tirza ay mga anak na babae ni Zelofehad. Si Zelofehad ay anak ni Gilead na anak ni Maquir, na anak ni Manases, na anak naman ni Jose.

2Lumapit ang mga babaing ito kay Moises, sa paring si Eleazar, at sa mga pinuno ng Israel sa harap ng Toldang Tipanan. Sinabi nila,

3“Ang aming ama ay namatay sa ilang. Hindi nga siya kasamang namatay sa pangkat ni Korah na naghimagsik laban kay Yahweh, subalit namatay naman siya dahil sa sarili niyang kasalanan. Namatay siyang hindi nagkaanak ng lalaki.

4Dahil ba sa wala siyang anak na lalaki ay buburahin na ninyo siya sa listahan ng Israel? Bigyan ninyo kami ng kaparteng lupa tulad ng mga kamag-anak ng aming ama.”

5Ang usaping ito'y iniharap ni Moises kay Yahweh,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6at ganito ang sagot ni Yahweh,

7"Tama ang mga anak ni Zelofehad. Dapat magkaroon ng kaparte ang kanilang ama. Ang mana niya ay ibigay mo sa kanyang mga anak.

8At sabihin mo sa mga Israelita na kapag ang isang tao'y namatay na walang anak na lalaki, ang mana niya ay ibibigay sa mga anak na babae.

9Kung wala ring anak na babae, ang kaparte niya ay ibibigay sa kanyang mga kapatid.

10Kung wala siyang kapatid na lalaki ay ibibigay sa kanyang mga tiyo

11at kung wala pa rin siyang tiyo, ang mana'y ibibigay sa pinakamalapit niyang kamag-anak. Ito ay mananatiling tuntunin sa Israel. Akong si Yahweh ang nagtakda nito bilang kautusan at tuntuning susundin ninyo."

### Ang Pagpili kay Josue Bilang Kahalili ni Moises

(Deut. 31:1-8)

12Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Umakyat ka sa Bundok ng Abarim at tanawin mo ang lupaing ibibigay ko sa mga Israelita.

13Pagkatapos, mamamatay ka na. Makakapiling mo na ang iyong mga yumaong magulang, tulad ng nangyari kay Aaron na iyong kapatid.

14Sumuway ka rin sa akin sa ilang ng Zin nang maghimagsik sa akin ang buong sambayanan doon sa Meriba. Hindi mo pinakita sa mga Israelita doon sa may bukal na ako ay banal." (Ito ang bukal doon sa Meriba sa Kades na nasa ilang ng Zin.)

15Sinabi ni Moises,

16"Hinihiling ko, Yahweh, Diyos na bukal ng buhay, na pumili kayo ng isang taong

17mangunguna sa Israel upang ang iyong sambayanan ay hindi matulad sa mga tupang walang pastol."

18Sinabi ni Yahweh kay Moises, "Ipatawag mo si Josue na anak ni Nun; siya ay may natatanging kakayahan. Ipatong mo sa kanya ang iyong mga kamay.

19Patayuin mo siya sa harapan ng paring si Eleazar at ng buong Israel at doo'y ipahayag mo siya bilang iyong kahalili.

20Bigyan mo siya ng iyong kapangyarihan upang sundin siya ng buong Israel.

21Kay Eleazar niya malalaman sa pamamagitan ng Urim kung ano ang aking kalooban. Kung ano ang sabihin ni Eleazar ay susundin ng buong kapulungan."

22Sinunod ni Moises ang lahat ng sinabi ni Yahweh. Ipinatawag nga niya si Josue, pinatayo sa harapan ni Eleazar at ng buong bayan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Pagkatapos, ipinatong niya rito ang kanyang mga kamay at ipinahayag na kahalili niya.

## Mga Bilang 28

### Mga Pang-araw-araw na Handog

(Exo. 29:38-46)

1Sinabi ni Yahweh kay Moises,

2“Sabihin mo sa mga Israelita na sila'y mag-alay sa akin ng mga handog na pagkaing butil, handog na susunugin, at mababangong handog sa takdang panahon.

3“Ito ang ihahandog nila sa akin araw-araw bilang handog na susunugin: dalawang tupa na tig-iisang taóng gulang at walang kapintasan;

4isa sa umaga at isa sa hapon.

5Ito'y sasamahan ng kalahating salop ng harina at minasa sa isang litrong langis ng olibo.

6Ito ang pang-araw-araw ninyong handog na susunugin tulad ng sinabi ko sa inyo sa Bundok ng Sinai, isang mabangong handog sa akin.

7Samahan ninyo ito ng isang litrong handog na inumin na inyong ibubuhos sa Dakong Banal para sa akin.

8Ang isa pang tupa ay ihahandog nga sa hapon at sasamahan din ng handog na pagkaing butil at handog na inumin, tulad ng handog sa umaga, upang ang usok nito'y maging mabangong samyo para sa akin.

### Ang Handog Tuwing Araw ng Pamamahinga

9“Tuwing Araw ng Pamamahinga, dalawang lalaking tupang tig-iisang taóng gulang at walang kapintasan ang inyong ihahandog. Sasamahan din ito ng handog na pagkaing butil at handog na inumin. Ang handog na pagkaing butil ay isang salop na harina at minasa sa langis ng olibo.

10Ito ay ihahandog ninyo tuwing Araw ng Pamamahinga, bukod sa pang-araw-araw ninyong handog.

### Ang Buwanang Handog

11“Tuwing unang araw ng buwan, ito naman ang ihahandog ninyo: dalawang batang toro, isang lalaking tupa at pitong batang tupa na walang kapintasan.

12Ang handog na pagkaing butil ay isa't kalahating salop ng harinang minasa sa langis para sa bawat toro; isang salop para sa isang tupa,

13at kalahating salop naman sa bawat batang tupa. Ito ay handog na susunugin, isang mabangong samyo para sa akin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Ang inuming handog naman ay dalawang litro para sa bawat toro, 1 1/3 litro sa bawat lalaking tupa at isang litro naman sa bawat batang tupa. Ito ang buwanan ninyong handog.

15Bukod sa pang-araw-araw na handog na susunugin at handog na pagkain, maghahandog pa rin kayo ng isang kambing na lalaki para sa kasalanan.

### Ang Handog Tuwing Kapistahan
(Lev. 23:5-14)

16“Ang ika-14 na araw ng unang buwan ay Pista ng Paskwa ni Yahweh.

17Ang ika-15 araw ang simula ng pista, at pitong araw kayong kakain ng tinapay na walang pampaalsa.

18Sa unang araw, magdaraos kayo ng banal na pagpupulong. Huwag kayong magtatrabaho sa araw na iyon.

19Sa halip, magdala kayo ng handog na susunugin. Ito ang ihahandog ninyo: dalawang batang toro, isang lalaking tupa at pitong tupang tig-iisang taóng gulang at walang kapintasan.

20Ito'y sasamahan ninyo ng handog na pagkaing butil: isa't kalahating salop ng harina na minasa sa langis para sa bawat toro, isang salop sa bawat lalaking tupa

21at kalahating salop sa bawat batang tupa.

22Maghahandog din kayo ng isang kambing na lalaki para sa katubusan ng kasalanan ng bayan.

23Ang mga ito'y ihahandog ninyo bukod pa sa pang-araw-araw na handog.

24Sa loob ng pitong araw, iyan ang mga handog na inyong susunugin, isang mabangong samyo para sa akin. Ito'y inyong gagawin maliban pa sa pang-araw-araw na handog na sinusunog at sa inuming handog.

25Sa ikapitong araw, magdaraos muli kayo ng banal na pagpupulong. Huwag kayong magtatrabaho sa araw na iyon.

### Ang Handog sa Pista ng Pag-aani
(Lev. 23:15-22)

26“Sa unang araw ng Pista ng Pag-aani, magdaraos din kayo ng banal na pagpupulong at doon ninyo ihahandog ang unang ani ng inyong mga bukid. Huwag din kayong magtatrabaho sa araw na iyon.

27Sa halip, mag-alay kayo ng handog na susunugin; handog na mabangong samyo kay Yahweh. Ito ang inyong ihahandog: dalawang batang toro, isang lalaking tupa, at pitong batang tupa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[28]Sasamahan ninyo ito ng handog na pagkaing butil: isa't kalahating salop ng harina na minasa sa langis ng olibo para sa bawat toro, isang salop para sa bawat lalaking tupa

[29]at kalahating salop para sa bawat batang tupa.

[30]Maghahandog din kayo ng isang kambing na lalaki para sa katubusan ng kasalanan ng bayan.

[31]Ito'y ihahandog ninyo, kasama ng handog na inumin, bukod sa pang-araw-araw na handog na susunugin at handog na pagkaing butil. Kinakailangang ang mga ito'y walang kapintasan.

## Mga Bilang 29

### Ang Handog sa Pagdiriwang ng Bagong Taon

(Lev. 23:23-25)

[1]"Sa unang araw ng ikapitong buwan, magdaraos kayo ng banal na pagpupulong, at huwag kayong magtatrabaho. Sa araw na iyon ay hipan ninyo ang mga trumpeta.

[2]Mag-alay kayo ng handog na susunugin; handog na mabangong samyo para sa akin. Ihandog ninyo ang isang batang toro, isang lalaking tupa at pitong walang kapintasang tupa na tig-iisang taon pa lamang.

[3]Samahan ninyo ito ng handog na pagkaing butil: isa't kalahating salop ng harinang minasa sa langis para sa toro, isang salop para sa tupa,

[4]at kalahating salop para naman sa bawat batang tupa.

[5]Maghahandog din kayo ng isang kambing na lalaki para sa katubusan ng inyong mga kasalanan.

[6]Ang mga handog na ito'y bukod pa sa mga handog na susunugin, at handog na pagkaing butil at inumin sa bagong buwan, at sa araw-araw. Ito'y susunugin ninyo upang ang usok nito'y maging mabangong samyo kay Yahweh.

### Ang Handog sa Araw ng Pagtubos ng Kasalanan

(Lev. 23:26-32)

[7]"Sa ika-10 araw ng ikapitong buwan, magdaraos din kayo ng banal na pagpupulong. Huwag kayong kakain ni magtatrabaho sa araw na iyon.

[8]Sa halip, mag-alay kayo ng handog na susunugin; handog na mabangong samyo para kay Yahweh. Ihandog ninyo ang isang batang toro, isang lalaking tupa at pitong tig-iisang taóng tupa na pawang walang kapintasan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Sasamahan ninyo ito ng handog na pagkaing butil: isa't kalahating salop ng harina na minasa sa langis para sa toro, isang salop naman para sa tupang lalaki

10at kalahating salop naman para sa bawat tupa.

11Maghahandog din kayo ng isang kambing na lalaki para sa kapatawaran ng kasalanan ng bayan. Ito ay bukod pa sa pang-araw-araw na handog para sa kapatawaran ng kasalanan, handog na susunugin, at handog na pagkaing butil at inumin.

**Ang Handog sa Pista ng mga Tolda**

(Lev. 23:33-44)

12"Sa ika-15 araw ng ikapitong buwan, magdaraos din kayo ng banal na pagpupulong. Huwag kayong magtatrabaho sa araw na iyon at pitong araw kayong magpipista bilang parangal kay Yahweh.

13Kayo'y magdala ng handog na susunugin; handog na mabangong samyo para kay Yahweh. Sa unang araw, ihahandog ninyo ang labingtatlong batang toro, dalawang lalaking tupa at labing-apat na tupang tig-iisang taóng gulang at walang kapintasan.

14Sasamahan din ninyo ito ng handog na pagkaing butil: isa't kalahating salop ng harina na minasa sa langis para sa bawat toro, isang salop para sa bawat lalaking tupa

15at kalahating salop naman para sa bawat tupa. Sasamahan din ninyo ito ng nakatakdang handog na inumin.

16Maghahandog din kayo ng isang kambing na lalaki para sa kapatawaran ng kasalanan ng bayan. Ito'y bukod pa sa pang-araw-araw na handog.

17"Sa ikalawang araw, ang ihahandog ninyo'y labindalawang batang toro, dalawang lalaking tupa at labing-apat na tupang tig-iisang taóng gulang at walang kapintasan.

18Sasamahan ito ng handog na pagkaing butil at inumin gaya ng nakatakda para sa unang araw.

19Maghahandog din kayo ng isang kambing na lalaki para sa kasalanan ng bayan. Ito'y bukod pa sa pang-araw-araw na mga handog.

20"Sa ikatlong araw, ang ihahandog ninyo'y labing-isang batang toro, dalawang lalaking tupa at labing-apat na tupang tig-iisang taóng gulang at walang kapintasan.

21Sasamahan din ito ng handog na pagkaing butil at inumin gaya ng nakatakda para sa unang araw.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Maghahandog din kayo ng isang kambing na lalaki para sa kapatawaran ng kasalanan ng bayan. Ito'y bukod pa sa pang-araw-araw na mga handog.

23“Sa ikaapat na araw, ang ihahandog ninyo'y sampung batang toro, dalawang lalaking tupa at labing-apat na tupang tig-iisang taóng gulang at walang kapintasan.

24Sasamahan ninyo ito ng handog na pagkaing butil at inuming gaya ng nakatakda para sa unang araw.

25Maghahandog din kayo ng isang kambing na lalaki para sa kapatawaran ng kasalanan ng bayan. Ito'y bukod pa sa pang-araw-araw na mga handog.

26“Sa ikalimang araw, ang ihahandog ninyo'y siyam na batang toro, dalawang lalaking tupa at labing-apat na tupang tig-iisang taóng gulang at walang kapintasan.

27Sasamahan ninyo ito ng mga handog na pagkaing butil at inumin gaya ng nakatakda para sa unang araw.

28Maghahandog din kayo ng isang kambing na lalaki para sa kapatawaran ng kasalanan ng bayan. Ito'y bukod pa sa pang-araw-araw na mga handog.

29“Sa ikaanim na araw, ang ihahandog ninyo'y walong batang toro, dalawang lalaking tupa at labing-apat na tupang tig-iisang taóng gulang at walang kapintasan.

30Sasamahan ninyo ito ng mga handog na pagkaing butil at inumin gaya ng nakatakda para sa unang araw.

31Maghahandog din kayo ng isang kambing na lalaki para sa kapatawaran ng kasalanan ng bayan. Ito'y bukod pa sa pang-araw-araw na mga handog.

32“Sa ikapitong araw, ang ihahandog ninyo'y pitong batang toro, dalawang lalaking tupa at labing-apat na tupang tig-iisang taóng gulang at walang kapintasan.

33Sasamahan din ninyo ito ng mga handog na pagkaing butil at inumin gaya ng nakatakda para sa unang araw.

34Maghahandog din kayo ng isang kambing na lalaki para sa kapatawaran ng kasalanan ng bayan. Ito'y bukod pa sa pang-araw-araw na mga handog.

35“Sa ikawalong araw, magdaos kayo ng banal na pagpupulong at huwag kayong magtatrabaho.

36Sa araw na iyon, mag-aalay kayo ng handog na susunugin; handog na mabangong samyo para kay Yahweh. Ito ang inyong ihahandog: isang batang toro, isang lalaking tupa at pitong tupang tig-iisang taóng gulang at walang kapintasan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

37Ito'y sasamahan ninyo ng handog na pagkaing butil at inumin gaya ng nakatakda para sa unang araw.

38Maghahandog din kayo ng isang kambing na lalaki para sa kapatawaran ng kasalanan ng bayan. Ito'y bukod pa sa pang-araw-araw na mga handog.

39“Ang mga nabanggit ay ihahandog ninyo kay Yahweh tuwing ipagdiriwang ang mga takdang pista, bukod sa mga panatang handog, kusang-loob na handog, handog na susunugin, handog na pagkaing butil at inumin, at handog na pangkapayapaan.”

40Lahat ng ito ay sinabi ni Moises sa mga Israelita ayon sa iniutos sa kanya ni Yahweh.

## Mga Bilang 30

### Mga Tuntunin tungkol sa Panata ng Isang Babae

1Sinabi ni Moises sa mga pinuno ng bawat lipi ng Israel, “Ito ang utos ni Yahweh:

2Kung kayo'y mayroong panata kay Yahweh, huwag kayong sisira sa inyong pangako. Kailangang tuparin ninyo ang bawat salitang binitiwan ninyo.

3“Kung ang isang dalagang nasa poder pa ng kanyang ama ay mamanata o mangako kay Yahweh

4nang naririnig ng kanyang ama at hindi ito tumutol, may bisa ang panata o pangakong iyon.

5Ngunit kung tumutol ang ama nang marinig ang tungkol sa panata, walang bisa ang panata ng nasabing dalaga. Wala siyang sagutin kay Yahweh sapagkat hinadlangan siya ng kanyang ama.

6“Kung ang isang dalagang nakapanata o nakapangako nang wala sa loob ay magkaasawa,

7mananatili ang bisa ng panata o pangako kung hindi tututol ang lalaki sa araw na malaman niya iyon.

8Ngunit kung tumutol ang lalaki sa araw na malaman iyon, mawawalan ng bisa ang panata ng babae, at hindi siya paparusahan ni Yahweh.

9“Kung ang isang biyuda, o babaing pinalayas at hiniwalayan ng kanyang asawa ay mamanata o mangako, ang bisa nito ay mananatili.

10“Kung ang isang babaing may asawa ay mamanata o mangako,

11may bisa ito kapag hindi tumutol ang kanyang asawa sa araw na malaman niya ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Ngunit ang panata o sumpa ng babae ay hindi magkakabisa kapag tumutol ang lalaki sa sandaling marinig niya ito. Siya'y walang sagutin kay Yahweh sapagkat tutol ang kanyang asawa.

13Anumang panata o pangakong gawin ng babae ay walang kabuluhan kung tututulan ng kanyang asawa, ngunit magkakabisa kung sasang-ayunan nito.

14Kapag hindi tumutol ang lalaki sa araw na malaman niya ang panata ng asawa, may bisa ang panatang iyon.

15Ngunit kapag pinawalang-bisa niya iyon pagkaraan ng ilang araw, siya ang mananagot sa di pagtupad ng kanyang asawa."

16Ito ang mga tuntuning sinabi ni Yahweh kay Moises, tungkol sa panata ng mga dalagang nasa poder pa ng kanilang magulang o ng mga babaing may asawa na.

## Mga Bilang 31

### Ang Pakikidigma Laban sa mga Midianita

1Sinabi ni Yahweh kay Moises,

2"Ipaghiganti mo muna ang sambayanang Israel sa mga Midianita. Pagkatapos, pamamahingahin na kita sa piling ng iyong mga yumaong ninuno."

3Kaya sinabi ni Moises sa mga Israelita, "Humanda kayo sa pakikipagdigma laban sa mga Midianita upang maigawad ang parusa ni Yahweh sa kanila.

4Bawat lipi ng Israel ay magpadala ng sanlibong kawal."

5Nagpadala nga ng tig-iisanlibong kawal ang bawat lipi kaya't nakatipon sila ng 12,000 kalalakihang handang makipagdigma.

6Pinapunta sila ni Moises sa labanan sa pamumuno ni Finehas na anak ng paring si Eleazar. Dala niya ang mga kagamitan sa santuwaryo at ang mga trumpeta para magbigay-hudyat.

7Tulad ng utos ni Yahweh kay Moises, nilusob nila ang mga Midianita at pinatay ang lahat ng lalaki

8kasama ang limang hari ng Midian na sina Evi, Requem, Zur, Hur at Reba, pati si Balaam na anak ni Beor.

9Binihag nila ang mga babae at ang mga bata, at sinamsam ang kanilang mga baka, mga kawan at lahat ng ari-arian.

10Sinunog nila ang mga lunsod at lahat ng mga toldang tinitirhan roon,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11subalit sinamsam nila ang lahat ng maaaring samsamin, maging tao o hayop man.

12Lahat ng kanilang nasamsam ay iniuwi nila sa kanilang kampo na nasa kapatagan ng Moab, sa tabi ng Jordan, at tapat ng Jerico. Dinala nila ang mga ito kay Moises, sa paring si Eleazar, at sa sambayanang Israel.

**Ang Pagkamatay ng mga Bihag na Babae at Paglilinis ng mga Samsam**

13Ang mga kawal ay sinalubong ni Moises, ng paring si Eleazar, at ng mga pinuno ng Israel sa labas ng kampo.

14Nagalit si Moises sa mga punong kawal, mula sa pinakamataas hanggang sa pinakamababa.

15Sinabi niya, “Bakit hindi ninyo pinatay ang mga babae?

16Nakalimutan na ba ninyo ang ginawa ng mga babaing ito? Sila ang humikayat sa mga Israelita na magtaksil kay Yahweh at sumamba kay Baal noong sila'y nasa Peor! Sila ang dahilan kaya nagkaroon ng salot sa sambayanan ni Yahweh.

17Patayin ninyo ang mga batang lalaki at lahat ng babaing nasipingan na.

18Itira ninyo ang mga dalaga, at iuwi ninyo.

19Ngunit huwag muna kayong papasok ng kampo. Pitong araw muna kayo sa labas ng kampo. Lahat ng nakapatay at nakahawak ng patay, pati ang inyong mga bihag ay maglilinis sa ikatlo at ikapitong araw ayon sa Kautusan.

20Linisin din ninyo ang inyong mga kasuotan, mga kagamitang yari sa balat, telang lana at kahoy.”

21Sinabi ni Eleazar sa mga kawal na nanggaling sa labanan, “Ito ang mga patakarang ibinigay ni Yahweh kay Moises:

22-23ang mga ginto, pilak, tanso, bakal, lata at lahat ng hindi masusunog ay pararaanin sa apoy para luminis. Pagkatapos, huhugasan ito ayon sa Kautusan. Lahat ng maaaring masunog ay lilinisin sa pamamagitan ng tubig ayon sa Kautusan.

24Sa ikapitong araw, lalabhan ninyo ang inyong mga damit. Pagkatapos, magiging malinis na kayo ayon sa Kautusan at maaari nang pumasok sa kampo.”

**Ang Paghahati sa mga Samsam**

25Sinabi ni Yahweh kay Moises,

26“Tawagin mo ang paring si Eleazar at ang matatandang pinuno ng bayan at bilangin ninyo ang mga nasamsam.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Pagkatapos, hatiin ninyo; ang isang bahagi ay para sa mga kawal, at ang isa'y para sa taong-bayan.

28Kunin mo ang isa sa bawat limandaang hayop o taong makakaparte ng mga kawal.

29Ibigay mo ito sa paring si Eleazar bilang handog kay Yahweh.

30Sa kaparte naman ng bayan, kunin mo ang isa sa bawat limampung tao o hayop, at ibigay mo naman sa mga Levita na nangangalaga sa tabernakulo."

31Ginawa nga nina Moises at Eleazar ang ipinag-utos ni Yahweh.

32-35Ang nasamsam ng mga kawal na Israelita mula sa Midian ay 675,000 tupa, 72,000 baka, 61,000 asno, at 32,000 dalagang birhen.

36-40Ang kalahati nito'y nauwi sa mga kawal: 337,500 tupa ang napunta sa kanila at ang handog nila kay Yahweh ay 675; ang mga baka naman ay 36,000 at 72 nito ang inihandog nila kay Yahweh; ang mga asno naman ay 30,500 at 61 ang inihandog nila kay Yahweh; ang mga babaing nakaparte nila ay 16,000 at ang 32 nito ay inihandog nila kay Yahweh.

41At tulad ng sinabi ni Yahweh kay Moises, lahat ng handog kay Yahweh ay ibinigay niya kay Eleazar.

42-46Ang kalahati ng samsam na kaparte ng taong-bayan ay 337,500 tupa, 36,000 baka, 30,500 asno, at 16,000 babae.

47Mula sa kaparteng ito ng bayan, kinuha ni Moises ang isa sa bawat limampung hayop o tao at ibinigay sa mga Levita na siyang nangangalaga sa tabernakulo; ito'y ayon sa utos ni Yahweh kay Moises.

48Pagkatapos, lumapit kay Moises ang mga pinunong kasama sa labanan.

49Sinabi nila, "Binilang po namin ang aming mga kasamahan at isa man po'y walang namatay.

50Dala po namin ang mga gintong alahas na aming nasamsam tulad ng pulseras, singsing, hikaw at kuwintas, upang ihandog kay Yahweh bilang kabayaran sa aming buhay."

51Tinanggap nina Moises at Eleazar ang lahat ng alahas na yari sa ginto.

52Nang bilangin nila ang mga ito ay umabot sa 16,750 pirasong ginto.

53(Hindi ibinigay ng mga pangkaraniwang kawal ang kanilang nasamsam.)

54Ang mga gintong alahas na tinanggap nina Moises at Eleazar mula sa mga pinuno ay dinala nila sa Toldang Tipanan upang magpaalala sa Israel kung ano ang ginawa ni Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Bilang 32

**Ang mga Lipi sa Silangan ng Jordan**
(Deut. 3:12-22)

1Napakarami ng hayop ng mga lipi nina Ruben at Gad. Nang makita nila na mainam ang pastulan sa Jazer at sa Gilead,

2pumunta sila kay Moises, kay Eleazar at sa mga pinuno ng Israel. Sinabi nila,

3"Ang Atarot, Dibon, Jazer, Nimra, Hesbon, Eleale, Sebma, Nebo at Beon,

4mga lupaing nilupig ni Yahweh para sa Israel ay mainam na pastulan ng mga hayop. Kaming mga lingkod ninyo ay may mga bakahan.

5Kung inyong mamarapatin, ito na po lamang ang ibigay ninyo sa amin. Huwag na po ninyo kaming patawirin sa kabila ng Jordan."

6Ngunit ganito ang sagot ni Moises sa lipi ni Ruben at ni Gad, "Hahayaan ba ninyong makipaglaban ang inyong mga kapatid samantalang kayo'y nagpapasarap dito?

7Gusto ba ninyong panghinaan ng loob ang mga Israelita sa pagpunta sa lupaing ibinigay sa kanila ni Yahweh?

8Ganyan din ang ginawa ng inyong mga magulang nang sila'y suguin ko upang tiktikan ang Kades-barnea.

9Nang makaahon sila sa may kapatagan ng Escol at makita ang lupain, sinira nila ang loob ng mga Israelita.

10Dahil doon, nagalit sa kanila si Yahweh. Kaya't isinumpa niya

11na dahil sa hindi nila pagsunod sa kanya nang buong puso, isa man sa mga nanggaling sa Egipto na may gulang na dalawampung taon pataas ay hindi makakapasok sa lupain na kanyang ipinangako kina Abraham, Isaac at Jacob.

12Wala ngang nakarating doon liban kay Caleb na anak ni Jefune na mula sa angkan ng Cenizeo at kay Josue na anak ni Nun, sapagkat sila lamang ang buong pusong sumunod kay Yahweh.

13Nagalit nga sa kanila si Yahweh, kaya sila'y ginawa niyang mga lagalag sa ilang sa loob ng apatnapung taon, hanggang mamatay na lahat ang mga gumawa ng masama sa kanyang paningin.

14At ngayon, kayo naman ang pumalit sa inyong mga makasalanang magulang. Gusto ba ninyong tularan ang ginawa nila at lalo pang magalit si Yahweh sa Israel?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Kapag tumalikod kayo sa kanya, pababayaan niya sa ilang ang Israel. At kayo ang magiging dahilan ng pagkalipol ng bayang ito."

16Lumapit sila kay Moises at sinabi: "Igagawa lang muna namin ng kulungan ang aming mga hayop, at ng tirahan ang aming mga pamilya.

17Kailangang bago namin sila iwan ay matiyak naming ligtas sila sa mga tagarito. Pagkatapos, makikipaglaban kaming kasama ng mga Israelita hanggang makarating sila sa lupaing titirhan nila.

18Hindi kami uuwi hanggang hindi nila nakakamtan ang lupaing dapat mapunta sa kanila.

19At hindi na kami makikihati sa lupang masasakop nila sa kabila ng Jordan sapagkat nakakuha na kami ng parte rito sa silangan ng Jordan."

20Sumagot si Moises, "Kung talagang gagawin ninyo iyan, ngayon mismo sa harapan ni Yahweh ay humanda na kayo sa pakikipaglaban.

21Ang lahat ninyong mandirigma ay tatawid sa Jordan at sa pamumuno ni Yahweh ay sasalakayin nila ang mga kaaway hanggang malipol silang lahat ni Yahweh

22at masakop ang buong lupain. Kapag nagampanan na ninyo ang inyong tungkulin sa kanya at sa buong Israel, makakauwi na kayo. Pagkatapos, tunay ngang ibinigay na sa inyo ni Yahweh ang lupaing ito na nasa silangan ng Jordan.

23Ngunit kung hindi ninyo gagawin ang inyong sinabi, magkakasala kayo laban kay Yahweh. At ito ang tandaan ninyo: tiyak na pagbabayaran ninyo ang inyong kasalanan.

24Sige, igawa na ninyo ng tirahan ang inyong mga pamilya at ng kulungan ang inyong mga tupa. Subalit huwag na huwag ninyong kalilimutan ang inyong pangako."

25Sinabi ng mga anak nina Gad at Ruben kay Moises, "Gagawin po namin ang ipinag-uutos ninyo sa amin.

26Ang aming mga anak, asawa at mga hayop ay iiwan namin dito sa Gilead.

27At kaming mga lingkod ninyo, lahat kaming maaaring makipaglaban ay tatawid ng Jordan sa pamumuno ni Yahweh at makikipaglaban gaya ng inyong ipinag-uutos."

28Kaya't ipinagbilin ni Moises kay Eleazar, kay Josue, at sa mga pinuno ng mga angkan at mga lipi ng Israel,

29"Kapag ang mga anak nina Gad at Ruben na handang makipaglaban sa ilalim ng pamumuno ni Yahweh ay tumawid ng Jordan at tumulong sa inyo

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

sa pagsakop sa lupaing titirhan ninyo, ibigay ninyo sa kanila ang lupain ng Gilead.

30Ngunit kapag hindi sila tumawid ng Jordan at hindi nakipaglabang kasama ninyo, sa Canaan din sila maninirahang kasama ninyo."

31Sinabi ng mga anak nina Gad at Ruben, "Gagawin po namin ang ipinag-uutos ni Yahweh.

32Sa pamumuno niya'y tatawid kami ng Jordan at makikipaglaban upang manatiling sa amin ang lupaing nasa silangan ng Jordan."

33At ibinigay nga ni Moises sa mga lipi ni Gad, Ruben at sa kalahati ng lipi ni Manases ang mga kaharian ni Haring Sihon ng mga Amoreo, at Haring Og ng Bashan.

34Itinayong muli ng lipi ni Gad ang Dibon, Atarot, Aroer,

35Atarot-sofan, Jazer, Jogbeha,

36Beth-nimra at Beth-haran. Ang mga lunsod na ito'y pinaligiran nila ng pader at nilagyan ng mga kulungan ng kanilang mga hayop.

37Itinayo naman ng lipi ni Ruben ang Hesbon, Eleale, Kiryataim,

38Nebo, Baal-meon (ang mga ito'y pinalitan nila ng pangalan) at Sibma. Binigyan nila ng bagong pangalan ang mga lunsod na muli nilang itinayo.

39Ang Gilead ay sinakop naman ng mga anak ni Maquir, buhat sa lipi ni Manases; itinaboy nila ang mga Amoreo rito.

40Ang lugar na iyo'y ibinigay ni Moises sa kanila at doon sila nanirahan.

41Ang mga nayon sa paligid ng Ham ay sinakop ni Jair na anak din ni Manases; tinawag niya itong "Mga Nayon ni Jair."

42Ang Kenat at ang sakop nito ay sinakop naman ni Noba na anak din ni Manases. Tinawag niya itong Noba, ayon sa kanyang pangalan.

## Mga Bilang 33

### Ang Paglalakbay ng Israel

1Ito ang mga yugto ng paglalakbay ng Israel mula sa Egipto, ayon sa kani-kanilang pangkat, sa pangunguna nina Moises at Aaron.

2Ayon sa utos ni Yahweh, itinala ni Moises ang bawat yugto ng kanilang paglalakbay buhat sa simula.

3Umalis ang mga Israelita sa Rameses nang ika-15 araw ng unang buwan, kinabukasan ng Paskwa. Taas-noo silang umalis ng Egipto, kitang-kita ng mga Egipcio

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4habang ang mga ito'y abalang-abala sa paglilibing sa kanilang mga panganay na pinatay ni Yahweh. Ipinakita ni Yahweh na siya'y mas makapangyarihan kaysa mga diyos ng Egipto.

5Mula sa Rameses, nagkampo sila sa Sucot.

6Mula sa Sucot, nagkampo sila sa Etam, sa may gilid ng ilang.

7Mula sa Etam, nagbalik sila sa Pi Hahirot, silangan ng Baal-zefon, at nagkampo sa tapat ng Migdol.

8Pag-alis nila ng Pi Hahirot, tumawid sila ng dagat at nagtuloy sa ilang. Tatlong araw silang naglakbay sa ilang ng Etam saka nagkampo sa Mara.

9Mula sa Mara nagtuloy sila ng Elim. Nakakita sila roon ng labindalawang bukal at pitumpung puno ng palmera, at nagkampo sila roon.

10Mula sa Elim, nagkampo sila sa baybayin ng Dagat na Pula.

11Mula sa Dagat na Pula, nagkampo sila sa ilang ng Sin.

12Mula sa ilang ng Sin, nagkampo sila sa Dofca.

13Mula sa Dofca, nagtuloy sila ng Alus.

14Mula sa Alus, nagkampo sila sa Refidim, isang lugar na walang maiinom na tubig.

15-37Mula sa Refidim hanggang sa bundok ng Hor, sila ay nagkampo sa mga sumusunod na lugar: ilang ng Sinai, Kibrot-hataava, Hazerot, Ritma, Rimon-farez, Libna, Rissa, Ceelata, Bundok ng Sefer, Harada, Maquelot, Tahat, Tare, Mitca, Asmona, Moserot, Bene-yaacan, Hor-haguidgad, Jotbata, Abrona, Ezion-geber, ilang ng Zin na tinatawag na Kades, at sa Bundok ng Hor na nasa may hangganan ng lupain ng Edom.

38-39Sa utos ni Yahweh, ang paring si Aaron ay umakyat sa Bundok ng Hor. Namatay siya roon sa gulang na 123 taon. Noo'y unang araw ng ikalimang buwan, ika-40 taon mula nang umalis sila sa Egipto.

40Nabalitaan ng hari ng Arad na naninirahan sa timog ng Canaan ang pagdating ng mga Israelita sa Bundok ng Hor.

41-49Mula naman sa Bundok ng Hor hanggang sa kapatagan ng Moab, ang mga Israelita ay nagkampo sa mga sumusunod na lugar: Zalmona, Punon, Obot, Iye-Abarim na sakop ng Moab, Dibon-gad, Almondiblataim, kabundukan ng Abarim malapit sa Bundok ng Nebo, at sa kapatagan ng Moab sa kabila ng Jordan at katapat ng Jerico, sa pagitan ng Beth-jesimon at Abelsitim.

**Ang mga Hangganan sa Canaan**

50Nang sila'y nasa kapatagan ng Moab, sinabi ni Yahweh kay Moises,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

51“Ganito ang sabihin mo sa mga Israelita: Pagkatawid ninyo ng Jordan papuntang Canaan,

52palayasin ninyo ang mga naninirahan doon, durugin ninyo ang kanilang mga rebultong bato at imaheng metal. Gibain din ninyo ang mga sambahan nila sa burol.

53Sakupin ninyo ang lupaing iyon at doon kayo tumira sapagkat ibinibigay ko sa inyo ang lupaing iyon.

54Hatiin ninyo ang lupain sa bawat lipi at ang paghahati ay ibabatay sa laki ng lipi. Sa malaking lipi malaking parte, sa maliit ay maliit din. Ang pagbibigay ng kanya-kanyang bahagi ay dadaanin sa palabunutan.

55Ngunit kung hindi ninyo palalayasin ang mga nakatira doon, ang matitira ay magiging parang tinik sa inyong lalamunan, at puwing sa inyong mga mata. Balang araw, sila ang gugulo sa inyo.

56Kapag nangyari ito, sa inyo ko ipalalasap ang parusang gagawin ko sana sa kanila.”

## Mga Bilang 34

1Sinabi ni Yahweh kay Moises

2ang mga tagubilin para sa bansang Israel, “Pagpasok ninyo sa Canaan, ang lupaing ibinibigay ko sa inyo, ang mga hangganan ng inyong nasasakupan ay ang mga ito:

3Sa timog, ang ilang ng Zin na katapat ng Edom, ang dulo ng Dagat na Patay,

4ang daan paakyat sa Acrabim, ang Zin hanggang sa timog ng Kades-barnea, ang Hazaradar at ang Azmon,

5at ang Batis ng Egipto hanggang sa dagat.

6“Sa kanluran: ang Dagat Mediteraneo.

7“Sa hilaga: ang bahagi ng Dagat Mediteraneo, ang Bundok ng Hor,

8ang Hamat, ang Zedad;

9at ang Zifron hanggang Hazar-enan.

10“Sa silangan: mula sa Hazar-enan hanggang Sefam;

11ang Ribla, gawing silangan ng Ayin, ang baybayin ng Lawa ng Cineret,

12at ang Jordan hanggang sa Dagat na Patay. Ito ang mga hangganan ng inyong lupain.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[13]Sinabi ni Moises sa mga Israelita, “Iyan ang lupaing ibibigay ni Yahweh sa siyam at kalahating lipi ng Israel; ang partihan ay dadaanin sa pamamagitan ng palabunutan.

[14]Ang mga lipi ni Ruben, ni Gad, at ang kalahati ng lipi ni Manases ay mayroon nang bahagi, at nahati na sa kani-kanilang sambahayan.

[15]Ito ay nasa silangan ng Jordan, sa tapat ng Jerico.”

### Ang mga Namahala sa Paghahati ng Lupain

[16]Sinabi ni Yahweh kay Moises,

[17]“Ang paring si Eleazar at si Josue na anak ni Nun ang mamamahala sa pagpaparte sa lupain.

[18]Pumili ka rin ng isang pinuno sa bawat lipi para makatulong nila sa pagpaparte ng lupain.”

[19-28]Ito ang mga pinuno na napili ni Yahweh:

| Lipi | Pinuno |
|---|---|
| Juda | Caleb na anak ni Jefune |
| Simeon | Selemuel na anak ni Amiud |
| Benjamin | Elidad na anak ni Cislon |
| Dan | Buqui na anak ni Jogli |
| Manases | Haniel na anak ni Efod |
| Efraim | Kemuel na anak ni Siftan |
| Zebulun | Elisafan na anak ni Parnah |
| Isacar | Paltiel na anak ni Azan |
| Asher | Ahiud na anak ni Selomi |
| Neftali | Pedael na anak ni Amiud |

[29]Ang mga kalalakihang ito ang pinamahala ni Yahweh sa paghahati ng lupain ng Canaan na ibinigay niya sa Israel.

## Mga Bilang 35

### Ang mga Lunsod para sa mga Levita

[1]Sinabi ni Yahweh kay Moises nang sila'y nasa kapatagan ng Moab, sa may Jordan sa Jerico,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2“Sabihin mo sa mga Israelita na bigyan nila ng sariling mga lunsod at mga pastulan ang mga Levita.

3Ang mga lunsod na iyon ay magiging pag-aari ng mga Levita at doon sila maninirahan. Ang mga pastulang iyon ay para sa kanilang mga bakahan at kawan.

4Ang sukat ng pastulang ibibigay ninyo sa kanila ay 450 metro mula sa pader ng lunsod,

5450 metro sa silangan, 450 sa timog, 450 sa kanluran, at 450 sa hilaga.

6Bigyan rin ninyo sila ng anim na lunsod-kanlungan na takbuhan ng mga nakapatay nang hindi sinasadya. Bukod dito, bibigyan pa ninyo sila ng apatnapu't dalawang lunsod,

7kasama ang mga pastulan ng mga ito. Samakatuwid, ang ibibigay ninyo sa kanila ay apatnapu't walong lunsod.

8Ang bilang ng lunsod na ibibigay ng bawat lipi ay batay sa laki ng lipi; sa malaking lipi, marami ang kukunin, sa maliit ay ilan lang.”

**Ang mga Lunsod-Kanlungan**

(Deut. 19:1-13; Jos. 20:1-9)

9Sinabi ni Yahweh kay Moises,

10“Sabihin mo sa mga Israelita: Pagtawid ninyo ng Ilog Jordan patungong Canaan,

11pumili kayo ng mga lunsod-kanlungan na matatakbuhan ng sinumang makapatay nang di sinasadya.

12Doon siya magtatago habang nalilitis pa ang kanyang kaso upang huwag mapatay ng malapit na kamag-anak na gustong maghiganti.

13Pumili kayo ng anim na lunsod-kanlungan;

14tatlo sa silangan ng Jordan at tatlo sa Canaan.

15Ang mga lunsod na ito'y maaaring pagtaguan ng sinumang makapatay nang di sinasadya, maging siya'y Israelita o isang dayuhan.

16-18“Ang sinumang pumatay ng kapwa sa pamamagitan ng sandatang bakal, bato o kahoy ay nagkasala ng pagpaslang. Siya ay dapat patayin.

19Tungkulin ng pinakamalapit na kamag-anak ng napatay na patayin ang pumaslang, kapag nakita niya ito.

20“Papatayin din ang sinuman na dahil sa galit ay nakapatay sa pamamagitan ng panunulak, o pagpukol ng anuman,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21o sa pamamagitan ng suntok, sapagkat siya'y nagkasala ng pagpaslang. Siya ay dapat patayin. Tungkulin ng pinakamalapit na kamag-anak ng napatay na patayin ang pumaslang, kapag nakita niya ito.

22“Ngunit ang sinumang nakapatay nang hindi sinasadya, maging sa pamamagitan ng tulak, o pukol ng anumang bagay;

23o kaya'y naghagis ng bato at may natamaang di niya nakikita, at hindi naman niya kaaway,

24ang taong iyon ay hindi dapat ipaubaya ng sambayanan sa mga kamag-anak ng namatay upang paghigantihan ng mga ito.

25Siya ay pangangalagaan ng sambayanan sa kamag-anak na gustong maghiganti; ibabalik siya sa lunsod-kanlungan at mananatili roon habang nabubuhay ang kasalukuyang pinakapunong pari.

26Kapag ang nakapatay ay lumabas ng lunsod-kanlungan

27at napatay siya ng pinakamalapit na kamag-anak ng napatay niya, ito'y walang pananagutan sa batas.

28Ang nakapatay ay dapat manatili sa pinagtataguan niyang lunsod-kanlungan habang nabubuhay ang nanunungkulang pinakapunong pari. Pagkamatay nito, maaari nang umuwi ang nakapatay sa kanyang sariling bayan.

29Ang mga tuntuning ito ay para sa inyo at sa lahat ng inyong mga salinlahi saanman kayo manirahan.

**Mga Tuntunin tungkol sa Pagsaksi at Pagtubos sa Nakamatay**

30“Sinumang pumatay ng kapwa ay papatayin din batay sa patotoo ng dalawa o higit pang saksi; walang papatayin dahil sa patotoo ng iisang saksi lang.

31Sinumang pumatay nang sinasadya ay hindi maaaring tubusin ng salapi; dapat siyang patayin.

32Sinumang nakapatay nang hindi sinasadya at nagtago sa isang lunsod-kanlungan ay hindi maaaring payagang umalis agad doon sa pamamagitan ng pagbabayad. Kailangang manatili siya roon habang nabubuhay pa ang nanunungkulang pinakapunong pari.

33Kapag ginawa ninyo ito, dinudungisan ninyo ng dugo ang lupaing inyong tinitirhan. Ang dugo ng pagpaslang ay nagpaparumi sa lupa, at walang ibang makapagpapalinis nito kundi ang dugo ng pumaslang.

34Huwag ninyong dungisan ang lupaing inyong tinitirhan, sapagkat akong si Yahweh ay naninirahang kasama ng sambayanang Israel.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Bilang 36

### Mga Tuntunin tungkol sa Kaparte ng Babaing Tagapagmana

1Ang mga pinuno ng sambahayan ng angkan ni Gilead na anak ni Maquir at apo ni Manases na anak ni Jose ay lumapit kay Moises at sa mga pinuno ng Israel.

2Sinabi nila, "Iniutos sa inyo ni Yahweh na ipamahagi ang lupain sa pamamagitan ng palabunutan. Iniutos din po na ang bahagi ng kapatid naming si Zelofehad ay ibigay sa mga anak niyang babae.

3Kung ang mapangasawa nila'y mula sa ibang lipi, ang bahagi nila'y mapupunta sa liping iyon, kaya't mababawasan ang bahagi ng aming lipi.

4At pagdating ng Taon ng Paglaya, kapag ang lupaing naipagbili ay ibinalik nang tuluyan sa dating may-ari, ang bahagi nila'y mauuwi nang lubusan sa lipi ng kanilang asawa. Kapag nagkagayon, mababawas ito sa aming lipi."

5Dahil dito, sinabi ni Moises sa mga Israelita, "Tama ang sinabi ng mga apo ni Jose.

6Kaya't ang utos ni Yahweh tungkol sa mga anak ni Zelofehad ay malaya silang mag-asawa sa sinumang gusto nila, ngunit huwag lamang lalabas sa lipi ng kanilang ama.

7Ang bahagi ng alinmang lipi ay hindi maaaring ilipat sa ibang lipi, iyon ay pananatilihin sa lipi ng kanilang ama.

8Ang babaing may namana sa kanyang ama ay kailangang kumuha ng mapapangasawa mula rin sa lipi nito, upang hindi malipat sa ibang lipi ang kaparte ng kanilang ama.

9Ang kaparte ng alinmang lipi ay hindi maaaring ilipat sa ibang lipi; pananatilihin ng bawat lipi ang kani-kanilang kaparte."

10Sinunod nga ng mga anak ni Zelofehad ang utos ni Yahweh sa pamamagitan ni Moises.

11Sina Maala, Tirza, Hogla, Milca at Noa ay nag-asawa nga ng mga lalaking mula sa angkan ng kanilang ama,

12na kabilang sa lipi ni Manases na anak ni Jose. Kaya, nanatili ang kanilang kaparte sa lipi ng kanilang ama.

13Ito ang mga batas at tuntuning ibinigay ni Yahweh sa Israel sa pamamagitan ni Moises, sa kapatagan ng Moab sa tabi ng Jordan, sa tapat ng Jerico.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Deuteronomio

## Deuteronomio 1

### Sinariwa ni Moises ang Pangako ni Yahweh

1 Ito ang tagubilin ni Moises sa buong Israel nang sila'y nasa ilang sa ibayo ng Jordan, sa Araba. Ito ay nasa tapat ng Suf, sa pagitan ng bayan ng Paran, Tofel, Laban, Hazerot at Di-zahab.

2 (Labing-isang araw ang paglalakbay mula sa Sinai hanggang sa Kades-barnea kung sa kaburulan ng Seir dadaan.)

3 Nang unang araw ng ikalabing-isang buwan ng ikaapatnapung taon mula nang sila'y umalis sa Egipto, sinabi ni Moises sa mga Israelita ang mga utos na ibinigay sa kanya ni Yahweh.

4 Nalupig na niya noon ang mga haring Amoreo na sina Sihon ng Hesbon, at Og ng Bashan na nakatira sa Astarot at Edrei.

5 Ipinaliwanag ni Moises ang kautusang ito nang sila'y nasa lupain ng Moab sa silangan ng Jordan. Ang sabi niya,

6 “Nang tayo'y nasa Sinai, ganito ang sinabi sa atin ni Yahweh na ating Diyos, ‘Matagal-tagal na rin kayong nakatigil sa bundok na ito.

7 Magpatuloy na kayo ng paglalakbay papunta sa kaburulang tinitirhan ng mga Amoreo at sa mga karatig na lugar sa Araba, sa kaburulan, kapatagan, sa katimugang disyerto at sa baybay-dagat, samakatuwid ang buong lupain ng Canaan at Lebanon hanggang sa Ilog Eufrates.

8 Sakupin ninyo ang lupaing ito na inihanda ko para sa inyo. Iyan ang lupaing ipinangako ko sa inyong mga ninunong sina Abraham, Isaac at Jacob.’”

### Ang Pagpili sa mga Hukom

(Exo. 18:13-27)

9 Patuloy pa ni Moises, “Sinabi ko sa inyo noon na hindi ko na kayo kayang pamahalaang mag-isa.

10 Pinarami kayo ni Yahweh na ating Diyos, at ngayon ay sindami na tayo ng bituin sa langit.

11 Nawa'y pagpalain niya kayo, at tulad ng kanyang pangako, paramihin nawa niya kayo ng sanlibo pang ulit.

12 Ngunit paano ko pa magagampanan ang aking tungkulin sa inyo at maigagawad ang angkop na hatol para sa inyong mga usapin?

13 Kaya, pinapili ko kayo ng mga taong matalino, maunawain at may sapat na karanasan upang italaga kong tagapamahala ninyo,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14at sumang-ayon naman kayo sa akin.

15Kaya't pumili kayo noon ng mga lalaking kilala sa inyong mga lipi, mga lalaking may talino at sapat na karanasan. Sila'y inilagay kong tagapamahala ng bawat angkan. Ang ilan sa kanila ay naging tagapamahala sa libu-libo, sa daan-daan, sa lima-limampu, at sa sampu-sampu.

16“Ipinagbilin ko sa kanila noon na pag-aralang mabuti ang usaping idudulog sa kanila, at igawad ang kaukulang hatol nang walang kinikilingan, maging sa katutubong Israelita o sa dayuhan man.

17Dapat maging pantay-pantay ang kanilang paghatol sa mga tao; ibibigay nila ang katarungan sa bawat tao, maging sinuman siya. Huwag silang matatakot kaninuman sapagkat ang ihahatol nila ay mula sa Diyos. Kung inaakala nilang mabigat ang usapin, dalhin nila ito sa akin at ako ang hahatol.

18Sinabi ko rin sa inyo noon ang lahat ng dapat ninyong gawin.

### Isinugo ang mga Espiya

(Bil. 13:1-33)

19“Bilang pagsunod sa utos ni Yahweh, nagpatuloy tayo ng paglalakbay mula sa Sinai. Pinasok natin ang napakalawak at nakakatakot na ilang bago tayo nakarating sa kaburulan ng mga Amoreo. At narating nga natin ang Kades-barnea.

20Sinabi ko sa inyo noon, ‘Narito na tayo sa kaburulan ng mga Amoreo, sa lupaing ibinibigay sa atin ni Yahweh na ating Diyos.

21Ang lupaing ito'y inihanda na niya sa atin. Huwag na kayong mag-atubili ni matakot man. Sakupin na ninyo agad iyon tulad ng ipinagbilin sa atin ng Diyos ng ating mga ninuno.’

22Ngunit hiniling ninyo na magpadala muna tayo ng mga espiya upang pag-aralan kung paano natin papasukin ang lugar na iyon.

23Sa tingin ko'y mabuti ang sinabi ninyo, kaya pumili ako ng labindalawang kalalakihan, isa sa bawat lipi.

24Pumunta sila sa kaburulang iyon hanggang sa libis ng Escol at doo'y nagsiyasat.

25Nang sila'y magbalik, may dala silang mga prutas mula roon, at sinabi nilang maganda ang lupaing ibinibigay sa atin ni Yahweh.

26“Ngunit hindi kayo nagpunta; sa halip ay sinuway ninyo ang utos ni Yahweh.

27Lihim kayong nag-usap-usap sa inyong mga tolda. Ang sabi ninyo, ‘Marahil ay galit sa atin si Yahweh kaya niya tayo inilabas sa Egipto at dinala rito upang ipapatay sa mga Amoreo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

28Paano tayo makakarating sa lupaing iyon. Nakakatakot palang pumunta roon. Mas malalaki pala kaysa sa atin ang mga tao roon, malalaki ang lunsod, at ang pader ay abot sa langit; may mga higante pa roon!'

29"Ang sabi ko naman sa inyo, 'Huwag kayong matakot sa kanila

30sapagkat si Yahweh ang mangunguna sa inyo at ipaglalaban niya kayong tulad ng nakita ninyong ginawa niya sa Egipto at sa ilang.

31Dinala niya kayong ligtas hanggang sa lugar na ito tulad ng pagkalong ng isang ama sa kanyang anak.'

32Sa kabila ng sinabi ko'y hindi pa rin kayo nagtiwala sa kanya

33gayong siya ang nanguna sa inyo. Pinatnubayan niya kayo sa pamamagitan ng haliging apoy kung gabi, at haliging ulap kung araw, at itinuro sa inyo ang inyong daraanan at ang inyong pagkakampuhan.

### Pinarusahan ni Yahweh ang Israel

(Bil. 14:20-35)

34"Narinig ni Yahweh ang usapan ninyo, at siya'y nagalit. Dahil dito, isinumpa niya:

35'Isa man sa inyo ay hindi makakarating sa lupaing aking ipinangako sa inyong mga ninuno,

36maliban kay Caleb na anak ni Jefune. Siya lamang ang makakapasok doon. Ibibigay ko sa kanya at sa kanyang magiging angkan ang lupaing maaabot niya sapagkat lubusan siyang sumunod sa akin.'

37Nagalit din sa akin si Yahweh dahil sa inyo. Sinabi niya, 'Kahit ikaw, Moises, ay hindi makakapasok sa lupaing iyon.

38Ang kanang kamay mong si Josue ang papasok doon. Palakasin mo ang kanyang loob sapagkat siya ang mangunguna sa Israel sa pagsakop nila sa lupaing iyon.'

39"Sinabi rin niya, 'Makakarating doon ang mga maliliit ninyong anak na hindi pa nakakaalam ng mabuti at masama—ang inyong mga anak na sinasabi ninyong mabibihag ng mga kaaway. Ibibigay ko sa kanila ang lupain at sasakupin nila ito.

40Ngunit kayo'y babalik sa ilang papuntang Dagat na Pula.'

### Ang Pagkatalo ng Israel sa Horma

(Bil. 14:39-45)

41"Sinabi naman ninyo sa akin noon, 'Nagkasala kami kay Yahweh. Pupunta na kami roon at makikipaglaban tulad ng iniutos niya sa amin.' At kayong lahat ay dali-daling nagsakbat ng sandata sapagkat akala ninyo'y madali lamang ang paglusob sa kaburulan ng mga Amoreo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[42]“Ipinapigil kayo sa akin ni Yahweh sapagkat hindi niya kayo papatnubayan, at malulupig lamang kayo ng inyong sasalakayin.

[43]Ngunit hindi kayo nakinig sa akin. Sinuway ninyo ang utos ni Yahweh at nagpatuloy kayo sa inyong paglusob.

[44]Kaya naman parang mga bubuyog na dinagsa kayo ng mga Amoreo; ginapi nila kayo at tinugis hanggang Horma.

[45]Dumaing kayo kay Yahweh, ngunit hindi niya kayo pinakinggan o pinansin man lamang.

**Ang mga Taon sa Ilang**

[46]“Kaya, napilitan kayong tumigil nang matagal sa Kades.

## Deuteronomio 2

[1]Tulad ng utos sa akin ni Yahweh, nagbalik tayo sa ilang, tungo sa Dagat na Pula. Matagal din tayong naglakbay sa kaburulan ng Seir.

[2]“Pagkatapos, sinabi sa akin ni Yahweh,

[3]‘Matagal na rin kayong nagpapaikut-ikot sa kaburulang ito. Ngayon, lumakad na kayo papuntang hilaga.

[4]Dadaan kayo sa Seir, ang lupain ng mga kamag-anak ninyo, ang lahi ni Esau. Takot sila sa inyo ngunit mag-ingat pa rin kayo.

[5]Huwag ninyo silang kakalabanin sapagkat kapiraso man ng lupain nila'y hindi ko ibibigay sa inyo. Ibinigay ko na sa lahi ni Esau ang kaburulan ng Seir.

[6]Bibilhin ninyo ang pagkain at inuming kukunin ninyo sa kanila.’

[7]“Pinagpala kayo ni Yahweh sa lahat ng inyong ginawa, at hindi niya kayo hiniwalayan sa inyong paglalakbay sa ilang. Sa loob ng apatnapung taon, hindi kayo nagkulang sa anumang bagay.

[8]“Kaya dumaan lamang tayo sa kanilang lupain at nagpatuloy sa paglalakbay palayo sa Araba, Elat at Ezion-geber. At tayo ay napunta sa ilang ng Moab.

[9]“At sinabi sa akin ni Yahweh, ‘Huwag rin ninyong guguluhin o sasalakayin ang mga Moabita sapagkat kapiraso man ng lupain nila ay hindi ko ibibigay sa inyo. Ang lupain ng Ar ay ibinigay ko na sa lahi ni Lot.’”

([10]Ang dating nakatira roon ay ang mga Emita. Marami sila at malalaki ring tulad ng mga higante.

[11]Tulad ng mga higante, kilala rin sila sa tawag na Refaim, ngunit Emita ang tawag sa kanila ng mga Moabita.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Dati, nakatira rin sa Seir ang mga taga-Hor, ngunit pinuksa sila ng mga anak ni Esau, at sila ang nanirahan roon, tulad ng ginawa ng mga Israelita sa lupaing ibinigay sa kanila ni Yahweh.)

13"'Ngayon nga'y magpatuloy kayo; tumawid kayo sa batis ng Zared.' At ganoon nga ang ginawa natin.

14Tatlumpu't walong taon ang nakalipas mula nang umalis tayo sa Kades-barnea hanggang sa pagtawid natin sa Zared. Tulad ng isinumpa ni Yahweh, walang natira sa mga mandirigma ng salinlahing iyon.

15Patuloy silang nilabanan ni Yahweh hanggang malipol silang lahat.

16"Nang wala na ngang natitira sa mga mandirigma ng lahing iyon,

17sinabi sa akin ni Yahweh,

18'Ngayon ay tumawid kayo sa Ar, sa hangganan ng Moab.

19Pagdaan ninyo sa lupain ng mga anak ni Ammon, huwag ninyo silang guguluhin o didigmain sapagkat kapiraso man ng lupa nila'y hindi ko ibibigay sa inyo. Ibinigay ko na iyon sa mga anak ni Lot.'"

(20Ang lupaing iyon ay dating sakop ng mga Refaim, na ang tawag ng mga Ammonita ay Zamzumim.

21Marami rin sila at malalaking tulad ng mga higante. Ngunit pinuksa sila ni Yahweh; kaya't itinaboy sila ng mga Ammonita upang ang mga ito ang tumira roon.

22Gayundin ang ginawa ni Yahweh sa lahi ni Esau nang ang mga ito'y magpunta sa Seir; itinaboy niya ang mga taga-Hor at ang lahi ni Esau ang nanirahan roon.

23Ang mga taga-Awim naman sa Gaza ay itinaboy ng mga taga-Caftor at sila ang tumira roon.)

24"At doon ay sinabi ni Yahweh, 'Magpatuloy kayo; tumawid kayo sa Ilog Arnon. Mabibihag ninyo si Sihon, ang hari ng mga Amoreo sa Hesbon, at masasakop ninyo ang kanyang lupain. Kaya't simulan na ninyo ang pagsakop sa lupain niya.

25Dahil sa gagawin ko ay matatakot sa inyo ang lahat ng bansa sa daigdig. Mabanggit lamang kayo'y manginginig na sila sa takot.'

### Nalupig ng Israel si Haring Sihon

(Bil. 21:21-30)

26"At mula sa ilang ng Kedemot, nagpadala ako ng sugo kay Haring Sihon na taga-Hesbon upang mag-alok ng kapayapaan:

27'Makikiraan kami sa iyong lupain. Hindi kami lilihis ng daan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

28Babayaran namin ang aming kakainin at iinumin. Kung maaari'y paraanin mo lang kami

29tulad ng ginawa ng mga anak ni Esau sa Seir at ng mga Moabita sa Ar. Makikiraan lamang kami para makarating sa kabila ng Jordan, sa lupaing ibinigay sa amin ni Yahweh, na aming Diyos.’

30“Ngunit hindi niya ito pinahintulutan. Siya'y pinagmatigas ni Yahweh para matalo natin at makuha ang kanyang lupain na hanggang ngayon ay sakop natin.

31“At sinabi sa akin ni Yahweh, ‘Ito na ang simula ng pagbagsak ng kaharian ni Haring Sihon sa inyong mga kamay; sakupin na ninyo ang kanyang lupain.’

32Sinalakay tayo ni Sihon at ng lahat ng kanyang mga tauhan sa Jahaz.

33Ngunit siya at ang kanyang mga tauhan ay natalo natin sa tulong ni Yahweh.

34Nasakop natin ang kanyang mga lunsod; giniba natin ang mga ito at walang itinirang buháy isa man sa mga tagaroon.

35Ang kanilang mga hayop at ari-arian ay sinamsam natin.

36Walang lunsod na hindi natin napasok, mula sa Aroer hanggang Gilead; lahat ay nasakop natin sa tulong ni Yahweh.

37Ngunit hindi natin ginalaw ang lupain ng lahi ni Ammon, ang baybayin ng Ilog Jabok, at ang kaburulan, sapagkat iyon ang kabilin-bilinan ni Yahweh na ating Diyos.

## Deuteronomio 3

### Nalupig ng Israel si Haring Og
(Bil. 21:31-35)

1“Nagpatuloy tayo papuntang Bashan ngunit pagdating natin sa Edrei, sinalakay tayo ni Haring Og ng Bashan.

2Sinabi sa akin ni Yahweh, ‘Huwag kayong matakot sa kanya sapagkat matatalo ninyo sila tulad ng ginawa ninyo kay Haring Sihon ng Hesbon at sa mga Amoreo.’

3“Sa tulong ni Yahweh, natalo nga natin si Haring Og at ang buong Bashan; wala tayong itinirang buháy isa man sa kanila.

4Nasakop natin ang animnapu nilang lunsod sa Argob, ang buong kaharian ni Og sa Bashan,

5ang maraming maliliit na nayon, at ang malalaki nilang lunsod na napapaligiran ng pader.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Tulad ng ginawa natin kay Haring Sihon ng Hesbon, nilipol natin sila pati mga kababaihan at mga bata.

7Ang itinira lamang natin ay ang mga hayop at iba pang ari-arian nilang sinamsam natin.

8“Nasakop natin noon ang lupain ng dalawang haring Amoreo, ang lupain nila
sa silangan ng Jordan, mula sa Ilog Arnon hanggang sa Bundok ng Hermon.
(9Sirion ang tawag ng mga taga-Sidon sa Bundok ng Hermon at Senir naman
ang tawag doon ng mga Amoreo.)

10Nasakop din natin ang mga lunsod sa matataas na kapatagan, ang buong Gilead, ang Bashan, hanggang Salca at Edrei, na pawang sakop ni Haring Og.”

(11Si Haring Og lamang ang natira sa mga taga-Refaim. Ang kabaong niyang bato ay apat na metro ang haba at dalawang metro ang lapad. Ito ay nasa Lunsod ng Rabba, sa lupain ng Ammon, hanggang ngayon.)

### Ang mga Liping Nanirahan sa Silangan ng Jordan

(Bil. 32:1-42)

12“Nang masakop natin ang bansang iyon, ibinigay ko sa lipi nina Ruben at Gad ang lupain mula sa Aroer na nasa tabi ng Ilog Arnon, at ang kalahati ng Gilead.

13Ang kalahati naman ng Gilead, ang Bashan, samakatuwid ang buong Argob ay ibinigay ko sa kalahati ng lipi ni Manases.”

(Ang buong Bashan ay tinatawag na lupain ng mga Refaim.

14Ang buong lupain nga ng Argob, at ang Bashan, hanggang sa hangganan ng mga Gesureo at Maacateo, ay napunta kay Jair na anak ni Manases. Hanggang ngayon, may ilang nayon doon na tinatawag na Mga Nayon ni Jair, sunod sa pangalan niya.)

15“Ang Gilead naman ay ibinigay ko kay Maquir.

16Sa mga lipi naman nina Ruben at Gad ay ibinigay ko ang lupain mula sa Gilead hanggang sa kalagitnaan ng Ilog Arnon. Ang Ilog Arnon ang hangganan nito sa timog at ang Ilog Jabok naman sa hilaga. Dito naman nagsimula ang lupain ng lahi ni Ammon.

17Sa kanluran ang lupain nila'y abot sa Ilog Jordan, mula sa Lawa ng Cineret hanggang sa Dagat na Patay. Abot naman sa Bundok Pisga sa gawing silangan.

18“Sinabi ko sa kanila noon: ‘Ang lupaing ito ang ibinibigay sa inyo ni Yahweh na ating Diyos, ngunit ang lahat ng mandirigma ay makikipaglaban munang kasama ng ibang Israelita.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Maiiwan dito ang inyong mga pamilya at ang inyong mga hayop sapagkat alam kong marami kayong alagang hayop.

20Hindi kayo babalik dito hanggang ang mga kapatid ninyong Israelita ay hindi napapanatag sa lupaing ibinigay sa kanila ni Yahweh.'

21"Ito naman ang sinabi ko kay Josue: 'Nakita mo ang ginawa ni Yahweh sa dalawang haring Amoreo; ganoon din ang gagawin ni Yahweh sa mga hari ng lupaing pupuntahan ninyo.

22Huwag kang matatakot sa kanila sapagkat si Yahweh ang siyang nakikipaglaban para sa inyo.'

**Hindi Pinapasok sa Canaan si Moises**

23"Nakiusap ako noon kay Yahweh. Ang sabi ko,

24'Panginoong Yahweh, pinasimulan mo nang ipakita sa akin ang iyong kapangyarihan. Sinong diyos sa langit o sa lupa ang makakagawa ng iyong ginagawa?

25Hinihiling ko sa iyong patawirin mo ako sa ibayo ng Jordan upang makita ko ang maganda at masaganang lupaing iyon, ang kaburulan at ang Bundok Lebanon.'

26"Ngunit hindi niya ako pinakinggan sapagkat nagalit nga siya sa akin dahil sa inyo. Ang sagot niya sa akin: 'Tumigil ka na! Huwag mo nang mabanggit-banggit sa akin ang bagay na ito.

27Umakyat ka na lamang sa tuktok ng Pisga at tanawin mo ang paligid sapagkat hindi ka makakatawid ng Jordan.

28Ituro mo kay Josue ang dapat niyang gawin, at palakasin mo ang kanyang loob sapagkat siya ang mangunguna sa Israel sa pagsakop sa lupaing matatanaw mo.'

29"At nanatili tayo sa libis na nasa tapat ng Beth-peor.

## Deuteronomio 4

**Nanawagan si Moises na Maging Masunurin ang Israel**

1"Ngayon, O Israel, pakinggan ninyong mabuti at sundin ang tuntuning itinuturo ko sa inyo upang mabuhay kayo nang matagal at mapasainyo ang lupaing ibinigay sa inyo ni Yahweh, na inyong Diyos.

2Huwag ninyo itong daragdagan ni babawasan. Sundin ninyo ang mga utos na ibinigay ko sa inyo mula kay Yahweh.

3Nakita ninyo ang ginawa ni Yahweh sa Baal-peor; nilipol niya ang lahat ng sumamba kay Baal,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4ngunit kayong nanatiling tapat kay Yahweh na inyong Diyos ay buháy pa hanggang ngayon.

5“Ngayon nga'y itinuturo ko sa inyo ang mga batas at tuntunin na ito gaya ng ipinag-utos sa akin ni Yahweh na ating Diyos. Sundin ninyo ang mga ito sa lupaing malapit na ninyong sakupin at tirhan.

6Unawain ninyo ito at sunding mabuti. Sa gayon makikita ng ibang bansa ang inyong karunungan at pang-unawa. Kaya't masasabi nila: ‘Ang dakilang bansang ito'y matalino at may malawak na pagkaunawa.’

7“Sinong diyos ng ibang bansa ang handang tumulong anumang oras liban kay Yahweh?

8Aling bansa ang may makatarungang tuntunin at kautusan tulad ng ibinigay ko sa inyo ngayon?

9Ngunit mag-ingat kayo. Huwag ninyong kakalimutan o babaliwalain ang mga bagay na inyong nasaksihan, habang kayo'y nabubuhay. Ituro ninyo ito sa inyong mga anak at mga apo.

10Huwag ninyong kalilimutan ang sinabi ni Yahweh nang kayo'y nasa harap ng Bundok ng Sinai: ‘Tipunin mo sa harapan ko ang buong bayan. Ituturo ko sa kanila ang aking mga utos upang magkaroon sila ng takot sa akin habang sila'y nabubuhay; ituturo naman nila ito sa kanilang mga anak.’

11“At kayo'y nagtipon sa paanan ng bundok; ito'y naglagablab nang abot sa langit. Pagkatapos, nabalot ito ng ulap at kadiliman.

12Mula sa gitna ng apoy, nagsalita sa inyo si Yahweh; narinig ninyo ang kanyang tinig ngunit hindi ninyo siya nakita.

13Ipinahayag niya ang mga tuntunin ng kasunduang ginawa niya sa inyo, ang sampung utos na isinulat niya sa dalawang tapyas ng bato.

14Noon, iniutos niya sa akin na ituro sa inyo ang mga tuntunin na inyong susundin sa lupaing sasakupin ninyo.

**Ang Babala Laban sa Pagsamba sa Diyus-diyosan**

15“Nang kayo'y kausapin ni Yahweh mula sa apoy sa Sinai, wala kayong nakitang anyo, kaya mag-ingat kayong mabuti.

16Huwag kayong gagawa ng anumang larawan upang sambahin, maging kawangis ng tao,

17hayop sa ibabaw ng lupa, ibon,

18ng anumang gumagapang o ng anumang isda.

19Huwag ninyong sasambahin ang araw, buwan, bituin o alinmang bagay sa kalawakan na nilalang ni Yahweh para sa tao.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Iniligtas kayo ni Yahweh mula sa napakainit na pugon ng pagkaalipin sa Egipto upang maging kanyang bayang hinirang.

[21]Nagalit sa akin si Yahweh dahil sa inyo, at isinumpa niyang hindi ako makakarating sa masaganang lupaing ibibigay niya sa inyo.

[22]Hindi ninyo ako makakasama sa kabila ng Jordan. Dito na ako mamamatay ngunit kayo'y magpapatuloy upang sakupin ang lupaing iyon.

[23]Mag-ingat kayo. Huwag na huwag ninyong kalilimutan ang kasunduan ninyo ni Yahweh. Huwag kayong gagawa ng anumang larawan upang sambahin, gaya ng ipinagbawal niya sa inyo.

[24]Sapagkat si Yahweh na inyong Diyos ay tulad ng naglalagablab na apoy at siya ay mapanibughuing Diyos.

[25]“Kahit gaano katagal ang abutin ninyo roon, kahit kayo'y magkaanak at magkaapo, huwag kayong gagawa ng mga larawan upang sambahin sapagkat magagalit sa inyo si Yahweh na inyong Diyos. Masama ito sa kanyang paningin.

[26]Saksi ang langit at ang lupa na kapag nilabag ninyo ang utos na ito, hindi kayo magtatagal sa lupaing iyon sa kabila ng Jordan sapagkat malilipol kayo nang lubusan.

[27]Paghihiwa-hiwalayin kayo ni Yahweh sa iba't ibang bansa at kaunti lamang ang matitira sa inyo.

[28]At sa lugar na pagtatapunan sa inyo ay maglilingkod kayo sa mga diyus-diyosang kahoy at bato na gawa ng mga tao. Sila'y hindi nakakakita, nakakarinig, nakakaamoy ni nakakakain.

[29]Gayunman, matatagpuan ninyong muli si Yahweh kung siya'y buong puso ninyong hahanapin.

[30]Kapag nangyari na ang lahat ng ito, at kayo'y nasa matinding kahirapan, manunumbalik na kayo kay Yahweh at maglilingkod sa kanya.

[31]Siya ay mahabagin. Hindi niya kayo pababayaang malipol sapagkat hindi niya kakalimutan ang kanyang kasunduan sa inyong mga ninuno.

[32]“Ipagtanong ninyo kahit saan at kahit kanino kung may naganap nang tulad nito. May nasaksihan o nabalitaan na ba kayong gaya nito mula nang likhain ng Diyos ang daigdig?

[33]Maliban sa inyo, mayroon pa bang ibang sambayanan na nakarinig sa tinig ng isang diyos mula sa haliging apoy, at nanatiling buháy?

[34]Sino bang diyos ang nagtangkang maglabas ng isang buong lahi mula sa isang bansa upang maging kanya sa pamamagitan ng tagisan ng

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

kapangyarihan, ng kababalaghan, ng digmaan, at ng makapangyarihang mga gawa, tulad ng ginawa sa Egipto ni Yahweh na inyong Diyos?

35Ang mga pangyayaring ito'y ipinakita niya sa inyo upang maniwala kayo na si Yahweh ay Diyos, at wala ng iba liban sa kanya.

36Mula sa langit, nagsalita siya sa inyo upang kayo'y turuan. At dito sa lupa nagsalita siya mula sa apoy.

37At dahil sa pag-ibig niya sa inyong mga ninuno, pinili niya kayo, at sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan ay inilabas kayo sa Egipto.

38Pinuksa niya ang mga bansang mas malaki at mas makapangyarihan kaysa inyo upang makapanirahan kayo sa lupaing ibinigay niya sa inyo ngayon.

39Dahil dito, tandaan ninyo at huwag kalilimutan na sa langit at sa lupa'y walang ibang Diyos liban kay Yahweh.

40Kaya nga, dapat ninyong sundin ang kanyang mga utos at tuntuning sinasabi ko sa inyo ngayon. Sa ganoon, pagpapalain kayo at ang lahing susunod sa inyo. Magtatagal kayo habang panahon sa lupaing ibinigay sa inyo ni Yahweh na inyong Diyos.”

### Ang mga Lunsod-Kanlungan sa Silangan ng Jordan

41Pagkatapos, pumili si Moises ng tatlong lunsod sa kabila ng Jordan

42upang maging kanlungan ng sinumang makapatay nang di sinasadya. Kapag ito'y nakapasok sa alinman sa mga lunsod na iyon, ligtas na ito sa paghihiganti ng mga kamag-anak ng namatay.

43Ito ang mga lunsod na ibinukod niya: ang Bezer sa mataas na kapatagan sa ilang para sa lipi ni Ruben; ang Ramot sa Gilead para sa lipi ni Gad, at ang Golan sa Bashan para sa lipi ni Manases.

### Paunang Salita tungkol sa Kautusan

44Ito ang kautusang ibinigay ni Moises sa mga Israelita,

45mga batas at tuntuning ipinahayag niya nang sila'y lumabas sa Egipto.

46Sila noon ay nasa silangan ng Jordan sa libis ng Beth-peor, sakop ni Haring Sihon ng mga Amoreo. Si Haring Sihon ay nagapi nga nina Moises nang sila'y umalis sa Egipto.

47Sinakop nila ang lupain nito, pati ang lupain ni Haring Og. Ang dalawang haring ito ng mga Amoreo ang sumakop sa silangang bahagi ng Ilog Jordan.

48Ang lupaing nasakop nila noon ay mula sa Aroer, sa tabi ng Ilog Arnon hanggang Bundok ng Zion o Hermon,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

49sakop din ang buong Araba sa silangan ng Jordan, hanggang sa baybayin ng Dagat na Patay sa paanan ng Bundok ng Pisga.

# Deuteronomio 5

### Ang Sampung Utos

(Exo. 20:1-17)

1Tinipon ni Moises ang buong Israel at kanyang sinabi, "Bayang Israel, dinggin ninyo ang kautusan at ang mga tuntuning ibibigay ko sa inyo ngayon. Unawain ninyong mabuti at tuparin ang mga ito.

2Ang Diyos nating si Yahweh ay gumawa ng kasunduan sa atin sa Bundok ng Sinai,

3hindi sa ating mga ninuno kundi sa ating nabubuhay ngayon.

4Harap-harapan siyang nakipag-usap sa inyo sa bundok mula sa naglalagablab na apoy.

5Habang ibinibigay niya ang kanyang mga utos, nakatayo ako sa pagitan ninyo at ni Yahweh sapagkat natatakot kayo sa ningas at ayaw ninyong umakyat sa bundok. Sinabi niya:

6"'Ako si Yahweh, ang iyong Diyos na naglabas sa iyo sa Egipto at nagpalaya sa iyo mula sa pagkaalipin.

7"'Huwag kang sasamba sa ibang diyos, maliban sa akin.

8"'Huwag kang gagawa ng diyus-diyosang imahen ng anumang nilalang na nasa langit, nasa lupa, o nasa tubig upang sambahin.

9Huwag mo silang yuyukuran ni sasambahin sapagkat akong si Yahweh na iyong Diyos ay mapanibughuing Diyos. Ang kasalanan ng mga magulang ay sinisingil ko sa kanilang mga anak hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi.

10Ngunit ipinadarama ko ang aking pag-ibig at pagkalinga sa libu-libong salinlahi ng mga umiibig sa akin at tumutupad sa aking mga kautusan.

11"'Huwag mong gagamitin sa walang kabuluhan ang pangalan ni Yahweh na iyong Diyos. Tiyak na paparusahan ko ang gumamit nito nang walang kabuluhan.

12"'Ilaan mo para sa akin ang Araw ng Pamamahinga, tulad ng ipinag-uutos ni Yahweh na iyong Diyos.

13Anim na araw kang magtatrabaho, at tapusin mo ang dapat gawin.

14Subalit ang ikapitong araw ay para kay Yahweh na iyong Diyos; ito ay Araw ng Pamamahinga. Sa araw na iyo'y huwag magtatrabaho ang sinuman sa inyo; ikaw, ang iyong mga anak, mga aliping lalaki o babae, ni alinman sa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

mga alaga mong hayop, ni ang mga dayuhang nakikipamayan sa inyo. Ang iyong alipin, lalaki man o babae ay kailangang mamahingang tulad mo.

15Alalahanin mong naging alipin ka rin sa Egipto at mula roo'y inilabas kita sa pamamagitan ng aking kapangyarihan. Kaya iniutos ko na panatilihin mong nakalaan kay Yahweh ang Araw ng Pamamahinga.

16"'Igalang mo ang iyong ama at ina tulad ng iniutos ko sa iyo. Sa gayo'y mabubuhay ka nang matagal at sagana sa lupaing ibinibigay sa iyo ni Yahweh na iyong Diyos.

17"'Huwag kang papatay.

18"'Huwag kang mangangalunya.

19"'Huwag kang magnanakaw.

20"'Huwag kang sasaksi nang walang katotohanan laban sa iyong kapwa.

21"'Huwag mong pagnanasaang maangkin ang asawa ng iyong kapwa. Huwag mong pagnasaang maangkin ang kanyang sambahayan, bukid, alilang lalaki o babae, baka, asno o anumang pag-aari niya.'

22"Ang mga ito'y sinabi sa inyo ni Yahweh doon sa bundok, mula sa naglalagablab na apoy at makapal na usok. Liban doon, hindi na siya nagsalita sa inyo. Pagkatapos, isinulat niya ang mga ito sa dalawang tapyas na bato at ibinigay sa akin.

**Pinagharian ng Takot ang Lahat**

(Exo. 20:18-21)

23"Nang marinig ninyo ang kanyang tinig mula sa kadiliman, habang nagliliyab ang bundok, lumapit sa akin ang pinuno ng bawat angkan at ang inyong matatandang pinuno.

24Sinabi nila, 'Ipinakita sa atin ni Yahweh na ating Diyos ang kanyang kaluwalhatian at kadakilaan, at ipinarinig sa atin ang kanyang tinig. Nakipag-usap siya sa atin nang harapan ngunit hindi tayo namatay.

25Bakit natin hihintaying mamatay tayo rito? Lalamunin tayo ng apoy na ito at tiyak na mamamatay tayo kapag nagsalita pa siya sa atin.

26Sinong tao ang nanatiling buháy matapos marinig mula sa apoy ang tinig ng Diyos na buháy?

27Ikaw na lang ang makipag-usap kay Yahweh na ating Diyos. Sabihin mo na lamang sa amin ang lahat ng sasabihin niya sa iyo, at susundin namin.'

28"Narinig ni Yahweh ang sinabi ninyo noon at ito naman ang kanyang sinabi sa akin: 'Narinig ko ang sinabi nila sa iyo at tamang lahat iyon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29Sana nga'y manatili ang takot nila sa akin at lagi nilang sundin ang aking mga utos upang maging matiwasay ang buhay nila at ng kanilang mga anak habang panahon.

30Magbalik ka sa kanila at pauwiin mo na sila.

31Ngunit mananatili ka rito at sasabihin ko sa iyo ang aking mga batas at mga tuntunin. Ituturo mo ito sa kanila upang kanilang sundin sa lupaing ibibigay ko sa kanila.’

32“Sundin ninyong mabuti ang lahat ng iniuutos sa inyo ni Yahweh na inyong Diyos. Huwag kayong lilihis sa mga ito.

33Mamuhay kayo ayon sa kanyang mga utos. Sa ganoon, sasagana kayo at hahaba ang buhay ninyo sa lupaing sasakupin ninyo.

## Deuteronomio 6

### Ang Pangunahing Utos

1“Ito nga ang Kautusan at mga tuntuning ibinigay niya sa akin, na siya ninyong susundin sa lupaing inyong sasakupin.

2Ang mga ito'y ibinigay sa inyo ni Yahweh at sa inyong mga anak at sa mga susunod na salinlahi upang magkaroon kayo ng takot sa kanya. Kung ito'y susundin ninyo, hahaba ang inyong buhay.

3Kaya nga, pakinggan ninyo ito at sunding mabuti. Kung magkagayo'y sasagana kayo, at darami ang inyong lahi pagdating ninyo sa lupaing ipinangako ni Yahweh, ang Diyos ng inyong mga ninuno, sa lupaing mayaman at sagana sa lahat ng bagay.

4“Pakinggan mo, O Israel: Si Yahweh na ating Diyos ang tanging Yahweh.

5Ibigin mo si Yahweh na iyong Diyos nang buong puso, buong kaluluwa at buong lakas.

6Ang mga utos niya'y itanim ninyo sa inyong puso.

7Ituro ninyo ito sa inyong mga anak; pag-aralan ninyo ito sa inyong tahanan, sa inyong paglalakbay, sa inyong pagtulog sa gabi, at sa inyong pagbangon sa umaga.

8Ipulupot ninyo ito sa inyong mga kamay bilang tanda, itali sa inyong noo,

9isulat sa mga hamba ng pintuan ng inyong bahay at mga tarangkahan.

### Babala Laban sa Pagsuway

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10“Malapit na kayong dalhin ni Yahweh sa lupaing ipinangako niya sa inyong mga ninunong sina Abraham, Isaac at Jacob. Maninirahan kayo sa malalaki at magagandang lunsod na hindi kayo ang nagtatag.

11Titira kayo sa mga tahanang sagana sa lahat ng bagay ngunit hindi ninyo pinaghirapan. Iinom kayo ng tubig na galing sa mga balong hindi ninyo hinukay. Mamimitas kayo sa mga ubasan at sa mga olibong hindi ninyo itinanim. Kung kayo'y naroon na at masagana na sa lahat ng bagay,

12huwag na huwag ninyong kalilimutan si Yahweh na naglabas sa inyo sa Egipto, sa bayan ng pagkaalipin.

13Magkaroon kayo ng takot kay Yahweh, paglingkuran ninyo siya at sa kanyang pangalan kayo manumpa.

14Huwag kayong maglilingkod sa diyus-diyosan ng mga bayang pupuntahan ninyo

15sapagkat si Yahweh na inyong Diyos ay mapanibughuing Diyos; kapag sumamba kayo sa diyus-diyosan magagalit siya sa inyo at lilipulin niya kayong lahat.

16“Huwag ninyong susubukin si Yahweh na inyong Diyos, tulad ng ginawa ninyo sa Masah.

17Sundin ninyong mabuti ang kanyang mga utos at mga tuntunin.

18Gawin ninyo kung ano ang tama at mabuti sa paningin ni Yahweh, at mamumuhay kayong matiwasay. Masasakop ninyo ang lupaing ipinangako ni Yahweh sa inyong mga ninuno;

19mapapalayas ninyo ang inyong mga kaaway, tulad ng pangako niya sa inyo.

20“Kapag dumating ang araw na itanong ng inyong mga anak kung bakit kayo binigyan ni Yahweh ng kautusan at mga tuntunin,

21ganito ang sabihin ninyo: ‘Noong araw, inalipin kami ng Faraon sa Egipto. Pinalaya kami roon ni Yahweh sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan.

22Nasaksihan namin ang maraming kababalaghang ginawa niya laban sa Faraon at sa mga Egipcio.

23Inilabas niya kami sa Egipto upang dalhin sa lupaing ipinangako niya sa ating mga ninuno.

24Ibinigay niya sa amin ang kautusan at mga tuntuning ito upang magtaglay kami ng takot sa kanya. Sa ganoon, sasagana tayo at iingatan niyang tulad ng ginagawa niya sa atin ngayon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Kalulugdan tayo ng Diyos nating si Yahweh kung susundin natin nang buong katapatan ang lahat ng ipinag-uutos niya sa atin.'

## Deuteronomio 7

### Ang Bayang Hinirang ni Yahweh

(Exo. 34:11-16)

1"Pagdating ninyo sa lupaing ibibigay sa inyo ni Yahweh at kapag nasakop na ninyo ang pitong bansang nauna sa inyo roon—Heteo, Gergeseo, Amoreo, Cananeo, Perezeo, Hivita at Jebuseo—mga bansang mas malakas at mas makapangyarihan kaysa inyo,

2at kapag sila'y ipinaubaya na ni Yahweh sa inyo, lipulin ninyo silang lahat. Huwag ninyo silang kaaawaan at huwag kayong gagawa ng kasunduan sa kanila.

3Huwag kayong papayag na mapangasawa ng inyong mga anak ang kanilang mga anak

4sapagkat tiyak na ilalayo nila ang inyong mga anak kay Yahweh, at pasasambahin sa kanilang mga diyus-diyosan. Kapag nagkaganoon, magagalit sa inyo si Yahweh at kayo'y kanyang lilipulin agad.

5Kaya nga, gibain ninyo ang kanilang mga altar, pagputul-putulin ang kanilang mga sinasambang haligi, durugin ang mga imahen ng kanilang diyosang si Ashera, at sunugin ang mga diyus-diyosan.

6Kayo ay bansang itinalaga kay Yahweh. Hinirang niya kayo sa lahat ng bansa upang maging kanyang sariling bayan.

7"Pinili niya kayo at inibig hindi dahil mas marami kayo kaysa ibang mga bansa, sa katunayan, kayo pa nga ang pinakakaunti sa lahat.

8Pinili niya kayo dahil sa pag-ibig niya sa inyo, at sa kanyang pangako sa inyong mga ninuno. Ito rin ang dahilan kaya niya kayo iniligtas sa kamay ng Faraon sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan.

9Kaya't pakatatandaan ninyong si Yahweh na inyong Diyos ay Diyos, at siya ay Diyos na hindi marunong sumira sa pangako. Tapat siya sa lahat ng umiibig sa kanya at sumusunod sa kanyang mga tuntunin. Ipinadarama niya ang kanyang pagmamahal hanggang sa ikasanlibong salinlahi.

10Subalit nililipol niya ang lahat ng namumuhi sa kanya; hindi makakaligtas sa kanyang parusa ang lahat ng hindi sumusunod sa kanya.

11Kaya, sundin ninyo ang kautusan at mga tuntuning ito na ibinibigay ko sa inyo ngayon.

### Ang Pagpapala ng Pagiging Masunurin

(Deut. 28:1-14)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12“Kung taos-puso ninyong susundin ang mga utos na ito, tutuparin naman ni Yahweh ang kanyang kasunduan, at patuloy niya kayong iibigin, tulad ng ipinangako niya sa inyong mga ninuno.

13Iibigin, pagpapalain, at pararamihin niya kayo. Magkakaroon kayo ng maraming anak, at bibigyan ng masaganang ani, inumin at langis. Pararamihin niya ang inyong mga hayop. Tutuparin niya ito pagdating ninyo sa lupaing ipinangako niya sa inyong mga ninuno.

14Pagpapalain niya kayo nang higit sa alinmang bansa. Walang magiging baog sa inyo, maging tao o maging alagang hayop man.

15Ilalayo niya kayo sa mga karamdaman. Alinman sa mga sakit na ipinaranas sa mga Egipcio ay hindi niya padadapuin sa inyo kundi sa inyong mga kaaway.

16Pupuksain ninyo ang lahat ng bansang ipapasakop ni Yahweh na inyong Diyos sa inyo. Huwag ninyo silang kaaawaan. Huwag din ninyong sasambahin ang kanilang mga diyus-diyosan. Iyan ang patibong na naghihintay sa inyo roon.

17“Huwag ninyong ikabahala kung paano ninyo matatalo ang mga mas makapangyarihang bansang ito.

18Huwag kayong matatakot sa kanila. Alalahanin ninyo ang ginawa ni Yahweh sa Faraon at sa buong Egipto,

19ang malalagim na salot na kanyang ipinadala, at ang mga kababalaghang ipinakita niya nang ilabas niya kayo roon. Ganoon din ang gagawin niya sa mga taong iyan na kinatatakutan ninyo.

20Maliban diyan, si Yahweh na inyong Diyos ay magpapadala ng kaguluhan sa kanila hanggang sa lubusang malipol pati iyong mga nakapagtago at ang mga pugante.

21Hindi kayo dapat matakot sa kanila sapagkat kasama ninyo ang Diyos ninyong si Yahweh, ang dakila at makapangyarihang Diyos.

22Unti-unti silang lilipulin ni Yahweh. Hindi sila uubusin agad at baka hindi ninyo makaya ang mababangis na hayop.

23Ngunit tiyak na ipapasakop sila sa inyo ni Yahweh. Sila'y lilituhin niya sa matinding takot hanggang sa lubusang malipol.

24Ipapabihag niya sa inyo ang kanilang mga hari. Ibabaon ninyo sila sa limot. Isa man sa kanila'y walang makakatalo sa inyo hanggang sa malipol ninyo sila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Sunugin ninyo ang kanilang mga diyus-diyosan. Huwag ninyong pagnanasaan ang mga pilak o gintong ginamit sa mga iyon sapagkat ito ang magiging patibong sa inyo dahil iyon ay kasuklam-suklam kay Yahweh.

26Huwag kayong mag-uuwi ng anumang bagay na kasuklam-suklam sapagkat iyon ang magiging dahilan ng inyong kapahamakan. Lahat ng tulad ng diyus-diyosan ay sinumpa, kaya, dapat ituring na kasuklam-suklam.

## Deuteronomio 8

### Ang Masaganang Lupain

1“Sundin ninyong mabuti ang mga batas na ito na ibinigay ko sa inyo ngayon upang humaba ang inyong buhay, dumami ang inyong lahi, at kayo'y makarating sa lupaing ipinangako ni Yahweh sa inyong mga ninuno.

2Alalahanin ninyo kung paano niya kayo pinatnubayan sa ilang sa loob ng apatnapung taon upang matuto kayong magpakumbaba. Sinubok niya kayo kung susundin ninyo siya.

3Tinuruan nga kayong magpakumbaba; ginutom niya kayo bago binigyan ng manna, isang pagkaing hindi ninyo kilala ni ng inyong mga ninuno. Ginawa niya ito upang ipaunawa sa inyo na ang tao'y hindi lamang sa tinapay nabubuhay kundi sa bawat salitang nagmumula sa bibig ni Yahweh.

4Sa loob ng apatnapung taon, hindi nasira ang inyong kasuotan ni hindi namaga ang inyong mga paa sa kalalakad.

5Itanim ninyo sa inyong isipan na kayo'y dinidisiplina ni Yahweh na inyong Diyos gaya ng pagdidisiplina ng isang ama sa kanyang anak.

6Kaya, matakot kayo sa kanya at sundin ang kanyang mga utos,

7sapagkat kayo'y dadalhin niya sa isang mainam na lupain, lupaing sagana sa tubig, maraming batis at bukal na umaagos sa mga burol at mga kapatagan.

8Sagana rin doon sa trigo, sebada, ubas, igos, bunga ng punong granada, olibo at pulot.

9Doon ay hindi kayo magkukulang ng pagkain o anumang pangangailangan. Ang mga bato roon ay makukunan ng bakal at makukunan ng mga tanso ang mga burol.

10Mabubusog kayo roon at pupurihin ninyo si Yahweh na inyong Diyos dahil sa masaganang lupaing ibinigay niya sa inyo.

### Babala Laban sa Pagtalikod kay Yahweh

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11“Huwag ninyong kalilimutan si Yahweh na inyong Diyos. Sundin ninyo ang kanyang mga utos at mga tuntunin.

12Kung kayo'y namumuhay na nang sagana, nakatira na sa magagandang bahay,

13at marami nang alagang hayop, at marami nang naipong pilak at ginto,

14huwag kayong magmamalaki. Huwag ninyong kalilimutan si Yahweh na nagpalaya sa inyo mula sa pagkaalipin sa bansang Egipto.

15Siya ang pumatnubay sa inyo sa inyong paglalakbay sa malawak at nakakatakot na ilang na puno ng makamandag na mga ahas at alakdan. Nang wala kayong mainom, nagpabukal siya ng tubig mula sa isang malaking bato.

16Kayo'y pinakain niya roon ng manna, isang pagkaing hindi ninyo kilala. Pinaranas niya kayo ng hirap para kayo'y subukin, at turuang magpakumbaba; ang lahat ng iyo'y sa ikabubuti rin ninyo.

17Kaya, huwag na huwag ninyong iisipin na ang kayamanan ninyo'y bunga ng sariling lakas at kakayahan.

18Subalit alalahanin ninyong si Yahweh na inyong Diyos ang nagbibigay sa inyo ng lakas upang yumaman kayo. Ginagawa niya ito bilang pagtupad niya sa kanyang pangako sa inyong mga ninuno.

19Kapag siya'y tinalikuran ninyo at sumamba kayo sa diyus-diyosan, ngayon pa'y binabalaan ko na kayo na malilipol kayo.

20Kung hindi ninyo papakinggan ang kanyang tinig, malilipol kayo tulad ng nangyari sa mga bansang ipinalipol sa inyo ni Yahweh.

## Deuteronomio 9

### Mga Bunga ng Pagsuway kay Yahweh

1“Pakinggan ninyo, O Israel: Ngayong araw na ito, tatawid kayo ng Jordan upang sakupin ang mga bansang makapangyarihan kaysa inyo at ang mga lunsod na napapaligiran ng matataas na pader.

2Malalaki at matataas ang mga tagaroon, mga higante. Hindi kaila sa inyo ang kasabihang: ‘Walang makakalupig sa angkan ng higante.’

3Subalit pakatatandaan ninyo na ang Diyos ninyong si Yahweh ang nangunguna sa inyo tulad ng isang malakas na apoy. Sila'y kanyang gagapiin upang madali ninyo silang maitataboy gaya ng sinabi ni Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4“Kung sila'y maitaboy na ni Yahweh alang-alang sa inyo, huwag ninyong iisipin na sila'y itinaboy dahil sa kayo'y matuwid. Ang totoo'y itinaboy sila ni Yahweh dahil sa kanilang kasamaan

5at hindi dahil sa kayo'y matuwid kaya mapapasa-inyo ang lupaing iyon. Itataboy sila ni Yahweh dahil sa kanilang kasamaan, at bilang pagtupad pa rin sa pangako niya sa mga ninuno ninyong sina Abraham, Isaac at Jacob.

### Naghimagsik ang Israel nang Sila'y nasa Sinai

6“Kaya nga't pakatatandaan ninyo na ibinibigay ni Yahweh ang lupaing ito hindi dahil sa kayo'y matuwid; ang totoo'y lahi kayo ng matitigas ang ulo.

7Huwag ninyong kalilimutan kung bakit nagalit sa inyo si Yahweh nang kayo'y nasa ilang. Mula nang umalis kayo sa Egipto hanggang ngayon, wala na kayong ginawa kundi magreklamo.

8Noong kayo'y nasa Sinai, ginalit ninyo nang labis si Yahweh at pupuksain na sana niya kayo noon.

9Nang ako'y umakyat sa bundok at ibigay niya sa akin ang mga tapyas ng batong kinasusulatan ng kanyang kasunduan sa inyo, nanatili ako roon sa loob ng apatnapung araw at gabi. Hindi ako kumain ni uminom.

10Ibinigay niya sa akin ang dalawang tapyas ng batong sinulatan niya ng lahat ng kanyang sinabi sa inyo mula sa naglalagablab na apoy nang kayo'y nagkakatipon sa may paanan ng bundok.

11Pagkalipas ng apatnapung araw at gabing pananatili ko sa bundok, ibinigay niya sa akin ang nasabing mga tapyas ng bato.

12“Sinabi ni Yahweh sa akin, ‘Tumayo ka at puntahan mo agad ang mga taong pinangunahan mo sa paglabas sa Egipto. Sila'y nagpapakasama na. Lumihis sila sa daang itinuro ko sa kanila. Gumawa sila ng imahen at iyon ang sinasamba nila.’

13“Sinabi pa sa akin ni Yahweh, ‘Talagang matigas ang ulo ng mga taong ito.

14Hayaan mo akong lipulin sila para mabura na ang alaala nila dito sa lupa, at sa iyo na magmumula ang isang bagong bansa na mas malaki at makapangyarihan kaysa kanila.’

15“Kaya bumabâ ako mula sa nagliliyab na bundok, dala ang dalawang tapyas ng bato na kinasusulatan ng kasunduan.

16Nakita ko ang pagkakasalang ginawa ninyo laban kay Yahweh. Gumawa kayo ng guyang ginto, at lumihis sa daang itinuro niya sa inyo.

17Dahil dito, ibinagsak ko sa lupa ang dalawang tapyas ng batong dala ko, at nagkadurug-durog iyon sa harapan ninyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[18]Pagkatapos, nagpatirapa ako sa harapan ni Yahweh, at sa loob ng apatnapung araw at gabi hindi ako kumain ni uminom dahil sa mga kasalanan ninyo na labis na ikinagalit ni Yahweh.

[19]Natakot ako na baka sa tindi ng galit niya'y puksain kayo. Mabuti na lamang at pinakinggan niya ako.

[20]Galit na galit din siya kay Aaron, at ibig na rin niya itong patayin, kaya nanalangin ako para sa kanya.

[21]Pagkatapos, kinuha ko ang guyang ginawa ninyo. Sinunog ko ito at dinurog na parang alabok saka ko ibinuhos sa batis na nagmumula sa bundok.

[22]"Muli ninyong ginalit si Yahweh nang kayo'y nasa Tabera, Masah, at Kibrot-hataava.

[23]Nang kayo'y pinapapunta na niya mula sa Kades-barnea upang sakupin ang lupaing ibinigay niya sa inyo, naghimagsik na naman kayo. Hindi ninyo siya pinaniwalaan ni pinakinggan man.

[24]Simula nang makilala ko kayo ay lagi na lamang kayong naghihimagsik laban kay Yahweh.

[25]"Nagpatirapa muli ako sa harapan ni Yahweh sa loob ng apatnapung araw at gabi sapagkat nais na niya kayong puksain.

[26]Ito ang dalangin ko sa kanya: 'Panginoong Yahweh, huwag po ninyong pupuksain ang bayang iniligtas ninyo at inilabas sa Egipto sa pamamagitan ng inyong walang kapantay na kapangyarihan.

[27]Alalahanin po ninyo ang mga lingkod ninyong sina Abraham, Isaac at Jacob. Huwag na ninyong pansinin ang katigasan ng ulo ng sambayanang ito ni ang kanilang kasamaan o kasalanan sa inyo.

[28]Kapag sila'y pinuksa ninyo, sasabihin ng mga taong ipapasakop ninyo sa kanila na ang mga Israelita'y dinala ninyo sa ilang upang puksain; hindi ninyo sila maihatid sa lupaing ipinangako ninyo, sapagkat matindi ang galit ninyo sa kanila.

[29]Sila ang inyong bayang hinirang, ang bayang inilabas ninyo sa Egipto sa pamamagitan ng inyong dakilang kapangyarihan.'

## Deuteronomio 10

### Ang Ikalawang Pagsulat sa Kautusan

(Exo. 34:1-10)

[1]"Noon ay sinabi sa akin ni Yahweh, 'Magtapyas ka ng dalawang bato, tulad noong una, at gumawa ka ng kabang yari sa kahoy. Pagkatapos, umakyat ka sa bundok.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[2]Isusulat ko sa dalawang tapyas ng bato ang nakasulat sa unang dalawang tapyas na binasag mo. Pagkatapos, itago mo sa kaban.'

[3]"Kaya gumawa ako ng kabang yari sa punong akasya, tumapyas ng dalawang batong katulad noong una at ako'y umakyat sa bundok.

[4]Isinulat nga ni Yahweh ang sampung utos sa dalawang tapyas ng bato. Ang sampung utos na ito ang sinabi niya sa inyo mula sa naglalagablab na apoy samantalang kayo'y nagkakatipon sa paanan ng bundok. Ang dalawang tapyas ng bato ay ibinigay sa akin ni Yahweh.

[5]Ako'y nagbalik mula sa bundok at inilagay ko sa kaban ang dalawang tapyas ng bato tulad ng utos sa akin ni Yahweh."

([6]Ang mga Israelita'y naglakbay mula sa Jaacan hanggang Mosera. Doon namatay at inilibing si Aaron. Ang anak niyang si Eleazar ang pumalit sa kanya bilang pari.

[7]Mula roo'y nagtuloy sila sa Gudgoda, at sa Jotbata, isang lugar na may maraming batis.

[8]Noon pinili ni Yahweh ang mga Levita upang magbuhat ng Kaban ng Tipan, tumulong sa paglilingkod sa kanya, at magbasbas sa kanyang pangalan tulad ng ginagawa nila ngayon.

[9]Dahil dito, walang kaparte ang mga Levita sa lupaing ibinigay sa inyo ni Yahweh na inyong Diyos. Si Yahweh ang bahagi nila, tulad ng pangako niya.)

[10]"Tulad noong una, apatnapung araw at gabi akong nanatili sa bundok at pinakinggan naman ako ni Yahweh. Dahil dito, hindi na niya itinuloy ang balak na pagpuksa sa inyo.

[11]Sinabi niya sa akin na pangunahan kayo sa paglalakbay at pagsakop sa lupaing ipinangako ko sa inyong mga ninuno.

**Ang Diwa ng Kautusan ni Yahweh**

[12]"Bayang Israel, ano nga ba ang nais ni Yahweh mula sa inyo? Ang gusto lang naman niya'y igalang ninyo siya, sundin ang kanyang mga utos, ibigin siya, paglingkuran ng buong puso't kaluluwa,

[13]at tuparin ang kanyang mga bilin at tuntunin. Ito rin naman ay para sa inyong kabutihan.

[14]Ang pinakamataas na langit, ang daigdig at ang lahat ng narito ay kay Yahweh.

[15]Ngunit sa laki ng pag-ibig niya sa inyong mga ninuno, kayong lahi nila ay pinili niya sa gitna ng maraming bansa.

[16]Kaya nga, maging masunurin kayo at huwag maging matigas ang inyong ulo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Sapagkat si Yahweh na inyong Diyos ay Diyos ng mga diyos, Panginoon ng mga panginoon, makapangyarihan at kakila-kilabot, walang itinatangi, at hindi nasusuhulan.

18Binibigyan niya ng katarungan ang mga ulila at balo; minamahal niya ang mga dayuhan at binibigyan ng pagkain at damit.

19Ibigin ninyo ang mga dayuhan sapagkat kayo ma'y naging dayuhan din sa Egipto.

20Magkaroon kayo ng takot kay Yahweh. Siya lang ang inyong sambahin; huwag kayong hihiwalay sa kanya, at sa pangalan lamang niya kayo manunumpa.

21Siya lamang ang dapat ninyong purihin, siya ang inyong Diyos, ang gumawa ng marami at kakila-kilabot na mga bagay na inyong nasaksihan.

22Pitumpu lamang ang inyong mga ninuno nang pumunta sila sa Egipto ngunit ngayo'y pinarami kayo ng Diyos ninyong si Yahweh; sindami na kayo ng mga bituin sa langit.

# Deuteronomio 11

**Ang Pagpapala ng Pagsunod kay Yahweh**

1“Kaya nga, ibigin ninyo ang Diyos ninyong si Yahweh at sundin ninyong lagi ang lahat ng kanyang bilin, tuntunin, batas, at utos.

2Tandaan ninyo ngayon ang kanyang mga pagtutuwid sa inyo. Alam ninyo ito sapagkat nasaksihan mismo ninyo (hindi tulad ng inyong mga anak na hindi dumaan sa mga ito). Nakita ninyo ang kanyang kadakilaan at kapangyarihan,

3ang mga kababalaghan, at lahat ng ginawa niya sa Faraon at sa buong Egipto.

4Nasaksihan din ninyo ang ginawa niya sa buong hukbo ng Egipto pati sa kanilang mga karwahe't kabayo; nilunod sila ni Yahweh sa Dagat na Pula nang kayo'y habulin nila.

5Hindi rin kaila sa inyo ang ginawa niya nang kayo'y nasa ilang hanggang makarating kayo sa lugar na ito.

6Nakita ninyo ang ginawa niya kina Datan at Abiram, mga anak ni Eliab at apo ni Ruben. Pinabuka ni Yahweh ang lupa at ipinalamon sila nang buháy, pati na ang kanilang mga kasama at sambahayan, at lahat ng bagay na kaugnay ng kanilang ginawa.

7Kitang-kita ng inyong mga mata ang lahat ng mga kababalaghang ginawa ni Yahweh.

**Ang mga Pagpapala sa Lupang Pangako**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8“Kaya't sundin ninyo ang lahat ng utos niya na ipinapaalala ko sa inyo ngayon upang magkaroon kayo ng lakas na sakupin at ariin ang lupaing papasukin ninyo.

9Dahil dito, mabubuhay kayo nang matagal sa lupaing ipinangako ni Yahweh sa inyong mga ninuno, at sa kanilang magiging lahi—ang lupaing mayaman at sagana sa lahat ng bagay.

10Ang lupaing titirhan ninyo ay hindi tulad ng lupaing iniwan ninyo sa Egipto. Doon, ang hinahasikan ninyo ay kailangang patubigan at diligin tulad ng hardin.

11Ngunit ang lupaing pupuntahan ninyo ay laging inuulan, maraming burol at malawak ang mga kapatagan.

12Ang lupaing iyon ay palaging inaalagaan at binabantayan ng Diyos ninyong si Yahweh.

13“Kaya nga, kung susundin lamang ninyo ang utos na sinasabi ko sa inyo ngayon: Ibigin ninyo ang Diyos ninyong si Yahweh at paglingkuran nang buong puso't kaluluwa,

14sa tamang panahon ay pauulanin niya sa lupaing iyon, at magiging sagana kayo sa pagkain, inumin at langis.

15Pananatilihin niyang sariwa ang damo para sa inyong mga alagang hayop upang kayo'y sumagana sa lahat ng bagay.

16Ngunit mag-ingat kayo! Huwag kayong padadaya. Huwag kayong sasamba ni maglilingkod sa mga diyus-diyosan.

17Kapag tinalikuran ninyo si Yahweh, kapopootan niya kayo. Isasara niya ang langit at hindi ito pauulanin. Kapag nangyari ito, mamamatay ang inyong mga pananim, at malilipol kayo sa mabuting lupaing ibinigay niya sa inyo.

18“Itanim nga ninyo ang mga utos na ito sa inyong mga puso't kaluluwa. Ipulupot ninyo ito sa inyong mga kamay bilang tanda, at itali sa inyong noo.

19Ituro ninyo ito sa inyong mga anak; pag-aralan ninyo ito sa inyong tahanan, sa inyong paglalakbay, sa inyong pagtulog sa gabi, at sa inyong pagbangon sa umaga.

20Isulat ninyo ito sa mga hamba ng pintuan ng inyong bahay at tarangkahan

21upang kayo at ang inyong mga anak ay mabuhay nang matagal sa lupaing ipinangako ni Yahweh sa inyong mga ninuno. Mananatili kayo roon hangga't ang langit ay nasa ibabaw ng lupa.

22“Kapag sinunod ninyong mabuti ang kanyang mga utos, inibig siya nang tapat, sinundan ang kanyang mga landas, at nanatili kayo sa kanya,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23palalayasin niya ang mga tao sa lugar na titirhan ninyo. Masasakop ninyo ang lupain ng mga bansang mas malalaki at malalakas kaysa inyo.

24Kung magkaganoon, ibibigay niya sa inyo ang lahat ng lupang matapakan ninyo; masasakop ninyo mula sa ilang hanggang Lebanon, at mula sa Ilog Eufrates sa gawing silangan hanggang Dagat Mediteraneo sa gawing kanluran.

25Walang makakatalo sa inyo. Tulad ng pangako ng Diyos ninyong si Yahweh, sisidlan niya ng matinding takot ang lahat sa lupaing pupuntahan ninyo.

26“Sa araw na ito, binibigyan ko kayo ng pamimilian: pagpapala o sumpa.

27Pagpapala kapag sinunod ninyo ang kanyang mga utos,

28ngunit sumpa kapag sumamba kayo sa ibang diyos sa halip na sumunod sa kanyang mga utos.

29Kapag nadala na kayo ni Yahweh sa lupaing inyong sasakupin at aariin, ang pagpapala ay bibigkasin ninyo sa Bundok ng Gerizim at ang sumpa'y sa Bundok ng Ebal.

30Ang mga ito'y nasa silangan ng Jordan, sa tapat ng Gilgal, sa tabi ng Encinar ng Moreh, sa lansangang pakanluran, sa lupain ng mga Cananeo sa Araba.

31Malapit na kayong tumawid ng Jordan upang sakupin ang lupaing ibibigay sa inyo ni Yahweh. Pagdating ninyo roon,

32sundin ninyong mabuti ang lahat ng mga utos at tuntuning inilahad ko ngayon sa inyo.

## Deuteronomio 12

### Ang Tanging Lugar ng Pagsamba

1“Ito ang mga tuntunin na kailangan ninyong sundin sa buong panahon ng inyong paninirahan sa lupaing ibibigay sa inyo ni Yahweh, ang Diyos ng inyong mga ninuno.

2Gibain ninyo ang lahat ng lugar na pinagdarausan ng pagsamba ng mga tao roon sa kanilang mga diyus-diyosan: sa itaas ng mga bundok, sa mga burol, at sa lilim ng mga punongkahoy.

3Gibain ninyo ang kanilang mga altar, pagputul-putulin ang kanilang mga sinasambang haligi, sunugin ang mga imahen ng kanilang diyosang si Ashera, durugin ang kanilang mga diyus-diyosan, at alisin sa lugar na iyon ang anumang bakas nila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4“At sa pagsamba ninyo sa Diyos ninyong si Yahweh, huwag kayong tutulad sa kanila na sumasamba sa kanilang mga diyus-diyosan kahit saan maibigan.

5Sa halip, hanapin ninyo ang lugar na pipiliin ni Yahweh sa lupain ng isa sa inyong mga lipi; doon lamang niya ipahahayag ang kanyang pangalan at iyon ang ituturing niyang tahanan.

6Doon ninyo siya sasambahin at doon iaalay ang inyong mga handog na susunugin at iba pang handog tulad ng ikasampung bahagi, handog mula sa inyong ani, pangakong handog, kusang handog, ang mga unang bunga ng pananim, at ang panganay na anak ng inyong mga alagang hayop.

7Doon din kayo magsasalu-salo sa harapan ni Yahweh na inyong Diyos bilang pasasalamat sa mga pagpapala niya sa inyo.

8“Hindi na ninyo magagawa roon ang ginagawa ninyo rito ngayon. Nagagawa ninyo ngayon ang anumang magustuhan ninyo,

9sapagkat wala pa kayo sa lupaing ibinigay sa inyo ng Diyos ninyong si Yahweh.

10Ngunit pagkatawid ninyo ng Jordan, kapag kayo'y nasa lupaing inyong pupuntahan, nalipol na ninyo ang inyong mga kaaway, at panatag na ang inyong pamumuhay, iba na ang inyong gagawin.

11Ialay ninyo sa lugar na pipiliin ni Yahweh ang inyong mga handog na susunugin at iba pang handog, tulad ng ikapu, handog mula sa inyong mga ani, at mga pangakong handog.

12Magdiwang kayo sa harapan ni Yahweh, kasama ang inyong mga anak at mga alipin. Isama rin ninyo ang mga Levita, sapagkat hindi sila kasama sa paghahati ng lupain.

13Ngunit huwag na huwag kayong magsusunog ng handog kahit saan ninyo maibigan.

14Doon lamang ninyo iaalay ang mga handog na susunugin at gagawin ang lahat ng iniuutos ko sa inyo sa lugar na pipiliin ni Yahweh mula sa lupain ng isa sa inyong mga lipi.

15“Kahit saan ay maaari kayong magpatay ng hayop at maaaring kumain ng karne nito hanggang gusto ninyo, katulad ng pagkain ng usa. Maaaring kumain nito pati ang mga itinuturing na marumi.

16Ngunit huwag ninyong kakainin ang dugo; kailangang patuluin ito sa lupa.

17Hindi rin ninyo maaaring kainin sa inyong mga tirahan ang mga ito: ang ikasampung bahagi ng inyong mga ani, alak at langis, ang panganay na anak

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ng inyong mga hayop, ang pangakong handog, kusang handog, at iba pang handog.

[18]Ang mga ito ay maaari lamang ninyong kainin sa harapan ng Diyos ninyong si Yahweh, sa lugar na pipiliin niya. Maaari ninyong makasalo ang inyong mga anak, mga alipin at ang mga Levita bilang pagdiriwang dahil sa pagpapala sa inyo ni Yahweh.

[19]Huwag ninyong pababayaan ang mga Levita habang kayo'y nasa inyong lupain.

[20]“Kapag napalawak na ni Yahweh ang lupaing nasasakop ninyo at ibig na ninyong kumain ng karne, maaari kayong kumain hanggang gusto ninyo.

[21]Kung kayo'y malayo sa lugar ng pagsamba na pinili niya, maaari ninyong patayin ang isa sa inyong mga hayop,

[22]at kainin tulad ng pagkain ng usa. Lahat ay maaari nang kumain, maging ang taong itinuturing na malinis o marumi.

[23]Ngunit huwag ninyong kakainin ang dugo sapagkat nasa dugo ang buhay; ang sangkap ng buhay ay hindi dapat kainin.

[24]Huwag na huwag ninyong kakainin ang dugo, sa halip ay patuluin ito sa lupa.

[25]Huwag ninyong kakainin iyon; magiging maganda ang buhay ninyo at ng inyong mga anak kung gagawin ninyo ang naaayon sa kagustuhan ni Yahweh.

[26]Ang lahat ng handog na dapat ninyong ibigay at ang inyong pangakong handog ay dadalhin ninyo sa lugar na pipiliin niya.

[27]Ang inyong mga handog na susunugin, laman at dugo, ay ihahain ninyo sa altar niya. Ibubuhos ninyo sa altar ang dugo, at ang laman ay maaari ninyong kainin.

[28]Sundin ninyong mabuti ang mga tagubilin ko sa inyo at magiging maganda ang buhay ninyo at ng inyong mga anak sa habang panahon, sapagkat ang pagsunod na ito'y tama at katanggap-tanggap kay Yahweh na inyong Diyos.

### Babala Laban sa Pagsamba sa Diyus-diyosan

[29]“Kapag napalayas na ng Diyos ninyong si Yahweh ang mga tao sa lupaing iyon at kayo na ang nakatira roon,

[30]huwag ninyong tutularan ang kasuklam-suklam nilang gawain. Huwag na ninyong alamin pa kung paano sila sumamba sa mga diyos nila, baka gayahin pa ninyo ang mga iyon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

31Huwag ninyong gagawin kay Yahweh ang karumal-dumal na gawain nila sa pagsamba sa kanilang diyus-diyosan gaya ng pagsusunog ng kanilang anak bilang handog.

32“Sundin ninyong mabuti ang lahat ng iniutos ko sa inyo. Huwag ninyo itong daragdagan ni babawasan.

## Deuteronomio 13

1“Kung sa inyo'y may lumitaw na propeta o nagbibigay ng kahulugan sa mga panaginip,

2at nagpakita siya ng kababalaghan o kaya'y nagkatotoo ang kanyang pahayag, subalit hinihikayat kayong sumamba sa mga diyus-diyosang hindi naman ninyo kilala,

3huwag kayong makikinig sa kanya. Pagsubok lamang iyon ni Yahweh sa inyo kung talagang iniibig ninyo siya nang buong puso't kaluluwa.

4Si Yahweh lamang ang inyong sundin. Matakot kayo sa kanya at sundin ninyo ang kanyang mga utos. Paglingkuran ninyo siya, at manatili kayong tapat sa kanya.

5At ang propetang iyon o ang nagbibigay ng kahulugan sa panaginip ay dapat patayin sapagkat inuudyukan niya ang mga tao upang maghimagsik kay Yahweh na inyong Diyos, na siyang nagligtas sa inyo sa pagkaalipin sa Egipto; hinihikayat nila kayong iwan ang daang itinuro niya sa inyo. Iyan ay masama at dapat ninyong iwasan.

6“Sinuman ang lapitan ng kanyang kapatid, anak, asawa, o matalik na kaibigan upang lihim na hikayating sumamba at maglingkod sa mga diyus-diyosang hindi naman ninyo kilala,

7o kaya'y sa diyus-diyosan sa lupaing pupuntahan ninyo, maging malapit o malayo,

8huwag ninyo siyang papakinggan. Huwag ninyo siyang kaaawaan, o pagtatakpan.

9Sa halip, patayin ninyo siya. Ang nilapitan ang unang babato sa kanya, pagkatapos ay ang taong-bayan.

10Batuhin ninyo siya hanggang mamatay sapagkat hinikayat niya kayong tumalikod kay Yahweh na inyong Diyos at siyang nagligtas sa inyo sa pagkaalipin sa Egipto.

11Kapag ito'y napabalita sa buong Israel, wala nang mangangahas pang gumawa ng ganoon, at magkakaroon ng takot ang lahat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12“Kapag nabalitaan ninyo na sa alinman sa mga lunsod na ibinigay sa inyo ni Yahweh

13ay may manlilinlang, at nanghihikayat sa mga tagaroon upang sumamba at maglingkod sa mga diyus-diyosang hindi naman ninyo kilala,

14siyasatin ninyo itong mabuti. Kapag napatunayan ninyong totoo,

15patayin ninyong lahat ang tagaroon, maging ang kanilang mga alagang hayop.

16Ang lahat ng masamsam ninyo roon ay ipunin ninyo sa liwasan at sunugin pati ang buong lunsod upang maging handog kay Yahweh. Ang lugar na iyon ay hahayaan ninyong ganoon at hindi na dapat itayo pang muli.

17Huwag kayong kukuha ng anumang ipinagbabawal sa inyo para hindi magalit si Yahweh sa inyo. Mahahabag siya sa inyo, at kayo'y kanyang pararamihin, tulad ng pangako niya sa inyong mga ninuno,

18kung papakinggan ninyo ang tinig ng Diyos ninyong si Yahweh, susundin ang kanyang mga utos, at patuloy na gagawin ang ayon sa kanyang kalooban.

## Deuteronomio 14

### Maling Kaugalian ng Pagluluksa

1“Kayo ang mga anak ng Diyos ninyong si Yahweh. Kung ang isang mahal sa buhay ay mamatay, huwag ninyong hihiwaan ang inyong sarili ni aahitan ang inyong noo upang ipakita lamang na kayo'y nagluluksa.

2Kayo ay bansang itinalaga kay Yahweh. Hinirang niya kayo sa lahat ng bansa upang maging kanyang sariling bayan.

### Ang Malilinis at ang Maruruming Hayop

(Lev. 11:1-47)

3“Huwag kayong kakain ng anumang bagay na marumi.

4Ito ang mga hayop na maaari ninyong kainin: baka, tupa, kambing,

5usa, gacela, kambing bundok, antilope, at tupang bundok.

6Maaari rin ninyong kainin ang lahat ng hayop na biyak ang kuko at ngumunguya ng pagkaing mula sa sikmura.

7Ngunit huwag ninyong kakainin ang mga hayop na biyak ang kuko ngunit hindi ngumunguya ng pagkain mula sa sikmura. Huwag din ninyong kakainin iyong ngumunguya ngunit hindi biyak ang kuko, tulad ng kamelyo, kuneho, at dagang bukid. Ang mga ito ay marurumi.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Ang baboy ay dapat ding ituring na marumi sapagkat biyak man ang kuko, hindi naman ito ngumunguya ng pagkaing mula sa sikmura. Huwag ninyo itong kakainin ni hahawakan ang kanilang bangkay.

9“Sa mga nilikha sa tubig, ang lahat ng may palikpik at kaliskis ay maaari ninyong kainin.

10Huwag ninyong kakainin ang mga walang kaliskis at walang palikpik; ito ay marurumi.

11-18“Maaari ninyong kainin ang malilinis na ibon. Ngunit ito ang mga ibon na huwag ninyong kakainin: agila, buwitre, agilang dagat; azor, falcon, at lahat ng uri ng milano; lahat ng uri ng uwak; ang ostrits, kuwago, gaviota, at lahat ng uri ng lawin; lahat ng uri ng kuwago, sisne, pelicano, buwitre, somormuho; lahat ng uri ng tagak, abudilla, kabag, at paniki.

19“Lahat ng kulisap na may pakpak ay marurumi. Huwag ninyong kakainin ang mga ito.

20Maaari ninyong kainin ang anumang malilinis na ibon maliban sa mga nabanggit.

21“Huwag ninyong kakainin ang anumang hayop na basta na lamang namatay. Maaari ninyo itong ibigay o ipagbili sa mga dayuhang naninirahang kasama ninyo. Ito'y sa dahilang kayo'y sambayanang inilaan sa Diyos ninyong si Yahweh. “Huwag kayong maglalaga ng tupa o batang kambing sa gatas ng sarili nitong ina.

**Ang Tuntunin tungkol sa Ikasampung Bahagi**

22“Kukunan ninyo ng ikasampung bahagi ang inyong ani taun-taon.

23Ang ikasampung bahagi ng inyong ani, alak, langis, at ang panganay ng inyong mga alagang hayop ay doon ninyo kakainin sa lugar na pipiliin ng Diyos ninyong si Yahweh upang siya'y inyong maparangalan.

24Kung malayo ang lugar na pipiliin niya at magiging mahirap dalhin doon ang ikasampung bahagi ng inyong ani,

25ipagbili ninyo iyon, at dalhin ang pinagbilhan sa lugar na pinili niya.

26Pagdating doon, bumili kayo ng anumang gusto ninyo: baka, tupa, alak, o inuming nais ninyo at siya ninyong pagsalu-saluhang mag-anak bilang pagdiriwang sa harapan ng Diyos ninyong si Yahweh.

27Ngunit huwag ninyong kalilimutang bigyan ang mga Levita sa inyong lugar, yamang sila'y walang kaparte sa lupaing minana ninyo.

28“Tipunin ninyo ang ikasampung bahagi ng inyong ani tuwing ikatlong taon.

29Ito ay ibibigay ninyo sa mga Levita yamang wala silang kaparte sa inyong lupain. Bibigyan din ninyo ang mga dayuhang kasama ninyo, ang mga ulila,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

at ang mga balo. Kapag ginawa ninyo ito, pagpapalain kayo ni Yahweh sa lahat ng inyong mga gawain.

# Deuteronomio 15

### Ang Taon ng Pamamahinga

(Lev. 25:1-7)

1“Ang bawat ikapitong taon ay gagawin ninyong taon ng pagpapatawad sa mga may utang sa inyo.

2Ganito ang inyong gagawin: huwag na ninyong sisingilin ang kababayan ninyong may utang sa inyo, sapagkat ito'y taon ng pagpapatawad na itinakda ni Yahweh.

3Ang mga dayuhan lamang ang sisingilin ninyo, at hindi ang inyong mga kababayan.

4“Walang maghihirap sa inyo sa lupaing ibinigay sa inyo ng Diyos ninyong si Yahweh sapagkat tiyak na pagpapalain niya kayo

5kung makikinig kayo sa kanyang tinig at susunod sa kanyang mga utos na sinasabi ko sa inyo ngayon.

6Nangako si Yahweh na kayo'y pagpapalain niya. Hindi na kayo mangungutang kaninuman, sa halip ay kayo ang magpapautang sa maraming bansa. Hindi kayo masasakop ng sinuman, sa halip ay kayo ang mananakop sa maraming bayan.

7“Pagdating ninyo sa lupaing ibinigay sa inyo ni Yahweh, huwag ninyong pagkakaitan ng tulong ang mga kababayan ninyong nangangailangan.

8Sa halip, ibukas ninyo sa kanila ang inyong mga palad at pahiramin sila ng anumang kailangan.

9Huwag ninyong pagdadamutan ang inyong kababayan kapag nangungutang siya sa panahong malapit na ang ikapitong taon, ang taon ng pagpapatawad. Kapag sila'y tinanggihan ninyo at dumaing sila kay Yahweh, mananagot kayo sa kanya.

10Pahiramin ninyo sila nang maluwag sa inyong kalooban at pagpapalain kayo ni Yahweh sa lahat ng inyong gagawin.

11Kailanma'y hindi kayo mawawalan ng mga kababayang mangangailangan, kaya sinasabi ko sa inyong ibukas ninyo ang inyong mga palad sa kanila.

### Ang mga Tuntunin tungkol sa mga Alipin

(Exo. 21:1-11)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12“Kapag nakabili kayo ng kapwa ninyong Israelita bilang alipin, babae o lalaki man, anim na taon siyang maglilingkod sa inyo. Pagdating ng ikapitong taon, palalayain na ninyo siya

13at huwag ninyo siyang paaalisin nang walang dala.

14Sa halip, bibigyan ninyo siya ng tupa, trigo, inumin at langis, mula sa mga ipinagkaloob sa inyo ni Yahweh.

15Alalahanin ninyong naging alipin din kayo sa Egipto at mula roo'y pinalaya kayo ng Diyos ninyong si Yahweh, kaya iniuutos ko ito ngayon sa inyo.

16Ngunit kung gusto niyang manatili dahil sa pagmamahal niya sa inyo at sa inyong sambahayan,

17dalhin ninyo siya sa may pintuan at butasan ang kanyang tainga. Sa gayon, siya'y magiging alipin ninyo habang buhay. Ganito rin ang gagawin ninyo sa mga aliping babae.

18Hindi kayo dapat manghinayang sa ibibigay ninyo sa kanya kung aalis siya sapagkat ang ibibigay ninyo'y katumbas lamang ng upa sa isang manggagawang nagtrabaho nang tatlong taon. Gawin ninyo ito at pagpapalain ng Diyos ninyong si Yahweh ang lahat ng inyong gagawin.

### Ang Pagbubukod sa mga Panganay

19“Lahat ng panganay na lalaki ng inyong mga alagang hayop ay ibubukod ninyo para kay Yahweh; huwag ninyo itong pagtatrabahuhin ni gugupitan.

20Ito ay kakainin ninyo sa harapan ni Yahweh, sa lugar na pipiliin niya.

21Ngunit kung may kapansanan ang panganay na hayop, bulag o pilay, huwag ninyo itong ihahandog kay Yahweh na inyong Diyos.

22Ito'y maaaring kainin sa bahay, tulad ng pagkain ninyo sa isang usa. Pati ang taong itinuturing na marumi ay maaaring kumain nito.

23Huwag ninyong kakainin ang dugo; kailangang patuluin ito sa lupa.

## Deuteronomio 16

### Pinaalala ang Pista ng Paskwa

(Exo. 12:1-20)

1“Ipagdiwang ninyo ang unang buwan at ganapin ang Paskwa para kay Yahweh na inyong Diyos, sapagkat unang buwan nang ilabas niya kayo sa Egipto.

2Mag-aalay kayo ng tupa o baka bilang handog na pampaskwa sa lugar na pipiliin niya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Sa pagkain ninyo ng handog na ito, huwag ninyong sasamahan ng tinapay na may pampaalsa; sa loob ng pitong araw, ang kakainin ninyo ay tinapay na walang pampaalsa, ang tinapay ng pagtitiis. Gagawin ninyo ito bilang pag-alala sa inyong pag-alis sa Egipto.

4Sa loob ng pitong araw na iyon, hindi dapat magkaroon ng pampaalsa sa nasasakupan ng inyong lupain. Huwag din ninyong pababayaang umagahin ang kahit kapiraso ng inihandog ninyo sa gabi.

5Ang paghahandog ay huwag ninyong gagawin sa loob ng inyu-inyong bayan,

6kundi sa lugar lamang na pipiliin ni Yahweh. Ito'y iaalay ninyo paglubog ng araw, sa oras ng pag-alis ninyo noon sa Egipto.

7Doon ninyo ito iluluto at kakainin sa lugar na pipiliin niya. Kinaumagahan, babalik na kayo sa inyu-inyong tolda.

8Anim na araw na hindi kayo kakain ng tinapay na may pampaalsa. Sa ikapitong araw, magdaraos kayo ng banal na pagpupulong; sinuma'y huwag magtatrabaho sa araw na iyon.

**Pinaalala ang Pista ng mga Sanlinggo**

(Exo. 34:22; Lev. 23:15-21)

9“Pagkalipas ng pitong linggo mula sa unang araw ng paggapas,

10ipagdiriwang ninyo ang Pista ng mga Sanlinggo. Sa araw na iyon, dalhin ninyo kay Yahweh na inyong Diyos ang inyong kusang handog mula sa inyong ani, ayon sa dami ng pagpapala niya sa inyo.

11Kasama ninyo sa pagdiriwang ang inyong sambahayan, mga alipin, ang mga Levitang kasama ninyo, ang mga dayuhan, ang mga ulila, at ang mga babaing balo; gaganapin ninyo ito sa lugar na pipiliin ni Yahweh.

12Huwag ninyong kalilimutang kayo'y naging alipin din sa Egipto, kaya't sundin ninyong mabuti ang kanyang mga tuntunin.

**Pinaalala ang Pista ng mga Tolda**

(Lev. 23:33-43; Bil. 29:12-38)

13“Pitong araw na ipagdiriwang ninyo ang Pista ng mga Tolda, matapos iligpit sa kamalig ang inyong inani at mailagay sa imbakan ang katas ng ubas.

14Isasama ninyo sa pagdiriwang na ito ang inyong mga anak, mga alipin, ang mga Levita, mga dayuhan, mga ulila, at mga babaing balo.

15Pitong araw kayong magpipista sa lugar na pipiliin ni Yahweh; pagpapalain niya ang inyong mga pananim at lahat ng inyong gagawin para makapagdiwang kayong lahat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16“Sa loob ng isang taon, ang inyong kalalakihan ay tatlong beses haharap
kay Yahweh: tuwing Pista ng Tinapay na Walang Pampaalsa, Pista ng mga
Sanlinggo, at Pista ng mga Tolda. Magdadala sila ng handog tuwing haharap,

17ayon sa kanilang makakaya, ayon sa dami ng pagpapalang tinanggap ninyo
mula kay Yahweh na inyong Diyos.

### Ang Paggagawad ng Katarungan

18“Pumili kayo ng mga hukom at ng iba pang pinuno para sa bawat bayan,
ayon sa inyong mga lipi. Sila ang magpapasya sa inyong mga usapin at
maggagawad ng katarungan.

19Huwag ninyong pipilipitin ang katarungan at huwag kayong magtatangi ng
tao ni tatanggap ng suhol sapagkat ang suhol ay bumubulag sa matatalino at
nagpapahamak sa mga taong matuwid.

20Katarungan lamang ang inyong paiiralin, at kayo'y mabubuhay nang
matagal sa lupaing ibibigay sa inyo ni Yahweh na inyong Diyos.

21“Huwag kayong magtatayo ng haligi bilang rebulto ng diyosang si Ashera
sa tabi ng altar na gagawin ninyo para kay Yahweh na inyong Diyos.

22At huwag kayong gagawa ng rebultong sasambahin sapagkat iyon ay
kasuklam-suklam sa kanya.

## Deuteronomio 17

1“Huwag kayong maghahandog ng baka o tupang may kapintasan o
kapansanan sapagkat kasuklam-suklam iyon kay Yahweh na inyong Diyos.

2“Sinuman sa inyo ang matuklasang gumagawa ng masama laban kay
Yahweh na inyong Diyos at sumisira sa ating kasunduan kay Yahweh,

3naglilingkod at sumasamba sa mga diyus-diyosan, sa araw, sa buwan o sa
mga bituin

4-5ay siyasatin ninyong mabuti. Kapag ang sumbong o ang bintang na iyon
ay napatunayan, ang nagkasala ay dadalhin sa pintuang bayan, at babatuhin
hanggang mamatay.

6Ang hatol na kamatayan ay igagawad kung may dalawa o tatlong saksi na
nagpapatotoo; hindi sapat ang patotoo ng isang saksi.

7Ang mga saksi ang unang babato sa nagkasala, saka ang taong-bayan. Sa
ganitong paraan ay aalisin ninyo sa inyong sambayanan ang kasamaang
tulad nito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8“Kung sa lugar ninyo ay may mabigat na usapin at hindi ninyo kayang lutasin, tulad ng patayan, pang-aapi o pananakit, pumunta kayo sa lugar na pinili ni Yahweh.

9Iharap ninyo ito sa mga paring Levita o hukom na nanunungkulan sa panahong iyon, at sila ang hahatol.

10Tanggapin ninyo ang anumang ihatol nila sa inyo at sunding lahat ang kanilang tagubilin.

11Kung ano ang sabihin nila, siya ninyong gawin; huwag kayong lalabag sa anumang pasya nila.

12Papatayin ang sinumang hindi susunod sa katuruan ng pari o sa hatol ng hukom. Sa ganitong paraan ninyo aalisin ang kasamaan sa inyong sambayanan.

13Kapag ito'y nabalitaan ng lahat, matatakot silang gumawa ng gayunding kasamaan.

### Ang Paglalagay ng Hari

14“Kapag kayo'y naroon na at naninirahan nang maayos sa lupaing ibibigay sa inyo ng Diyos ninyong si Yahweh, makakaisip kayong magkaroon ng hari, tulad ng mga bansa sa paligid ninyo.

15Maaari kayong maglagay ng hari, ngunit ang ilalagay ninyo ay iyong pinili ni Yahweh at mula sa inyong lahi. Huwag ninyong gagawing hari ang sinumang dayuhan.

16Ang gagawin ninyong hari ay hindi dapat magparami ng kabayo para sa kanyang sarili; hindi rin niya maaaring iutos sa iba na magbalik sa Egipto para ikuha siya ng maraming kabayo, sapagkat ipinag-utos ni Yahweh, na huwag nang bumalik pa roon.

17Hindi siya dapat mag-asawa ng marami at baka siya makalimot kay Yahweh; ni hindi siya dapat magpayaman sa panahon ng paghahari.

18Kapag siya'y nakaupo na sa trono, gagawa siya ng isang kopya ng mga kautusang ito na nasa pag-iingat ng mga paring Levita.

19Ito ay para sa kanya at babasahin niya araw-araw upang magkaroon siya ng takot kay Yahweh na kanyang Diyos at upang buong puso niyang masunod ang mga kautusan at mga tuntunin ni Yahweh,

20upang hindi siya magmalaki sa kanyang mga kababayan, at upang hindi siya lilihis sa mga tuntuning ito. Kung magkagayon, siya at ang kanyang mga anak ay maghahari nang matagal sa Israel.

## Deuteronomio 18

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang Bahagi ng mga Pari

1 “Ang mga paring Levita, ang buong lipi ni Levi ay walang mamanahing bahagi sa lupain ng Israel. Ang para sa kanila ay ang mga kaloob at handog kay Yahweh.

2 Wala silang bahagi sa lupain tulad ng ibang lipi sa Israel; si Yahweh ang kanilang bahagi, gaya ng kanyang pangako.

3 “Ang mga ito ang nakalaan para sa mga pari mula sa handog kay Yahweh, maging baka o tupa: ang mga balikat, ang mga pisngi at ang tiyan;

4 ang unang ani ng mga pananim, ng alak, ng langis, at ang unang pinaggupitan ng inyong mga tupa.

5 Ang lipi ni Levi ang pinili ni Yahweh upang maglingkod sa kanya bilang mga pari habang panahon.

6 “Sakaling may Levita mula sa alinmang bayan ng lupain na kusang magpunta sa lugar na pinili ni Yahweh

7 upang sumamba, maaaring maglingkod doon ang Levita kasama ng kapwa niya Levita.

8 Siya ay bibigyan doon ng kanyang bahaging kasindami ng ibibigay sa mga Levita na dating naglilingkod doon, bukod sa bahagi niya mula sa mana ng kanyang ama.

### Babala Laban sa Pagsunod sa Kaugalian ng mga Pagano

9 “Kapag kayo'y naroon na sa lupaing ibibigay sa inyo ni Yahweh, huwag kayong gagaya sa kasuklam-suklam na gawain ng mga tao roon.

10 Sinuman sa inyo'y huwag magsusunog ng kanyang anak bilang handog. Huwag kayong manghuhula, huwag gagawin ang ginagawa ng mga mangkukulam,

11 ng mga mananawas, at ng mga sumasangguni sa mga espiritu ng namatay.

12 Sinumang gumawa ng alinman sa mga ito ay kasusuklaman ni Yahweh na inyong Diyos. Pakatatandaan ninyo na iyan ang dahilan kaya niya itataboy ang mga nakatira sa lupaing pupuntahan ninyo.

13 Lubos kayong maging tapat sa Diyos ninyong si Yahweh.

14 Ang mga bansang inyong sasakupin ay sumusunod sa mga manghuhula at mga naniniwala sa mga agimat. Subalit ang mga ito ay ipinagbabawal sa inyo ng Diyos ninyong si Yahweh.

### Ang Diyos ay Magpapadala ng Propeta

15 “Mula sa inyo, si Yahweh na inyong Diyos ay pipili para sa inyo ng isang propetang katulad ko. Dapat kayong makinig sa kanya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

16Ito ang kasagutan sa hiling ninyo kay Yahweh nang kayo'y nagkakatipon sa Sinai. Ang sabi ninyo, 'Huwag mo nang iparinig pang muli sa amin ang tinig ni Yahweh ni ipakita ang kakila-kilabot na apoy na ito sapagkat tiyak na mamamatay kami.'

17Sinabi naman niya sa akin, 'Tama ang sabi nila,

18kaya mula sa kanila, pipili ako para sa kanila ng isang propetang katulad mo. Sasabihin ko sa kanya ang aking kalooban, at siya ang magsasabi nito sa mga tao.

19Sinumang hindi makinig sa kanya na nagsasalita para sa akin ay mananagot sa akin.

20Ngunit ang sinumang propetang magsalita para sa ibang diyos o kaya'y magkunwaring nagsasalita para sa akin subalit hindi ko naman inatasan, ang propetang tulad niyon ay dapat patayin.'

21"Upang matiyak ninyo kung ang sinabi ng propeta ay galing kay Yahweh o hindi,

22ito ang palatandaan: kapag hindi nangyari o nagkatotoo ang sinabi niya, iyon ay hindi mula kay Yahweh; ang mensahe niya ay gawa-gawa lamang niya. Huwag ninyo siyang katatakutan.

## Deuteronomio 19

### Ang mga Lunsod-Kanlungan

(Bil. 35:9-28; Jos. 20:1-9)

1"Kapag nalipol na ni Yahweh na inyong Diyos ang mga mamamayan sa lupaing ibinigay niya sa inyo, at kayo na ang nakatira roon,

2magbukod kayo ng tatlong lunsod.

3Gagawan ninyo iyon ng mga kalsada. Hatiin ninyo sa tatlo ang buong lupaing ibibigay ni Yahweh sa inyo. Sa bawat bahagi ay maglagay kayo ng lunsod-kanlungan na siyang tatakbuhan ng sinumang makapatay nang hindi sinasadya.

4"Ito ang tuntunin ukol sa sinumang nakapatay ng tao nang hindi sinasadya o hindi dahil sa away.

5Halimbawa: sinumang nagpuputol ng kahoy sa gubat, tumilapon ang talim ng kanyang palakol, at tinamaan ang kasama niya. Kung namatay ang tinamaan, ang nakapatay ay maaaring magtago at manirahan sa isa sa mga lunsod na ito.

6Kung hindi siya makakapagtago agad dahil malayo ang lunsod-kanlungan, baka siya ay patayin ng kamag-anak ng namatay bilang paghihiganti dahil sa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

bugso ng damdamin. Hindi dapat patayin ang sinumang nakapatay sa ganitong paraan sapagkat hindi naman dahil sa alitan at hindi rin sinasadya ang pagkapatay.

7Iyan ang dahilan kaya ko kayo pinagbubukod ng tatlong lunsod.

8“Kapag pinalawak na ng Diyos ninyong si Yahweh ang inyong nasasakupan sa lupaing ipinangako niya sa inyong mga ninuno, at kapag naibigay na niya nang buong-buo ang lupang kanyang ipinangako,

9maaari kayong magbukod ng tatlo pang lunsod kung susundin ninyong mabuti ang lahat ng kanyang utos, at iibigin siya nang tapat. (Pahihintulutan ito ni Yahweh kung buong sipag ninyong susundin ang kanyang mga tuntunin, kung siya ay buong puso ninyong iibigin, at kung lalakad kayo ayon sa kanyang kalooban.)

10Sa ganitong paraan, maiiwasan ang pagdanak ng dugo ng mga taong walang kasalanan. Ang kamatayan ng walang sala ay pananagutan ninyo kay Yahweh sa lupaing ibinibigay niya sa inyo.

11“Kung ang pagpatay ay binalak o dahil sa alitan at ang nakapatay ay tumakbo sa isa sa mga lunsod na ito,

12ipadarakip siya ng pinuno ng kanyang bayan at ibibigay siya sa pinakamalapit na kamag-anak ng napatay upang patayin din.

13Huwag ninyo siyang kaaawaan. Kailangang alisin sa Israel ang mamamatay-taong tulad nito. Sa ganoon, makakapamuhay kayo nang matiwasay.

### Mga Batong Palatandaan

14“Huwag ninyong gagalawin ang mga batong palatandaan ng hangganan ng lupa ng inyong kapwa. Inilagay ng inyong mga ninuno ang mga palatandaang iyon sa lupaing ibinibigay sa inyo ng Diyos ninyong si Yahweh.

### Mga Tuntunin tungkol sa Pagsaksi

15“Hindi sapat ang patotoo ng isang saksi upang mahatulang nagkasala ang isang tao. Kailangan ang patotoo ng dalawa o tatlong saksi.

16Kapag ang isang taong may masamang hangarin ay nagbintang nang hindi totoo sa kanyang kapwa,

17silang dalawa'y pupunta sa lugar na pinili ni Yahweh at haharap sa mga pari at sa mga hukom na nanunungkulan.

18Sisiyasatin silang mabuti ng mga hukom at kapag napatunayang kasinungalingan ang bintang,

19ang parusang hinahangad niya sa kanyang pinagbintangan ay sa kanya igagawad. Alisin ninyo ang ganyang kasamaan sa inyong sambayanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Kapag ito'y nabalitaan ng lahat, matatakot silang gumawa ng ganoong kasamaan.

[21]Huwag kayong maaawa sa ganitong uri ng tao. Kung ano ang inutang, iyon din ang kabayaran; buhay sa buhay, mata sa mata, ngipin sa ngipin, kamay sa kamay, paa sa paa.

## Deuteronomio 20

### Mga Tuntunin tungkol sa Pakikidigma

[1]“Kung kayo'y makikipagdigma, huwag kayong matatakot kahit na mas malaki ang hukbong kalaban ninyo at mas marami ang kanilang kabayo at karwahe, sapagkat kasama ninyo si Yahweh, ang Diyos na naglabas sa inyo sa Egipto.

[2]Bago kayo makipaglaban, tatayo ang isang pari sa unahan ng hukbo at sasabihin niya

[3]ang ganito: ‘Pakinggan mo, Israel! Sa araw na ito ay makikipagdigma ka. Lakasan mo ang iyong loob at huwag kang matakot

[4]sapagkat kasama mo ang Diyos mong si Yahweh; siya ang makikipaglaban para sa iyo at pagtatagumpayin ka niya.’

[5]Ganito naman ang sasabihin ng mga pinunong kawal: ‘Sinuman ang may bagong bahay subalit hindi pa ito naitatalaga ay maaari nang umuwi; baka siya'y mamatay sa labanan at iba pa ang tumira sa bahay niya.

[6]Sinuman ang may bagong ubasan subalit hindi pa nakakatikim ng bunga niyon ay maaari nang umuwi; baka siya'y mamatay sa labanan at iba pa ang makinabang sa kanyang ubasan.

[7]Sinuman sa inyo ang nakatakdang ikasal subalit hindi pa nagsasama ay maaari nang umuwi; baka siya'y mamatay sa labanan at iba pa ang magpakasal sa kanyang minamahal.

[8]Sinuman sa inyo ang natatakot o naduduwag ay maaari nang umuwi; baka maduwag ding kagaya niya ang iba.’

[9]Matapos itong sabihin ng mga pinunong kawal, maglalagay sila ng mga mangunguna sa bawat pangkat.

[10]“Bago ninyo salakayin ang isang lunsod, alamin muna ninyo kung gusto nilang sumuko.

[11]Kapag binuksan nila ang pintuan ng kanilang lunsod at sumuko sa inyo, magiging alipin ninyo sila at magtatrabaho para sa inyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Kung ayaw nilang sumuko at sa halip ay gustong lumaban, kubkubin ninyo sila.

13Kapag sila'y nalupig na ninyo sa tulong ng Diyos ninyong si Yahweh, patayin ninyo ang lahat ng kalalakihan roon.

14Bihagin ninyo ang mga babae at ang mga bata, at samsamin ang mga hayop at lahat ng maaari ninyong makuha. Para sa inyo ang mga iyon, at maaari ninyong kunin sapagkat ipinagkaloob sa inyo ni Yahweh.

15Ganyan ang gagawin ninyo sa mga lunsod na malayo sa inyo.

16Ngunit sa mga lunsod sa lupaing ibibigay sa inyo ni Yahweh ay wala kayong ititirang buháy.

17Lipulin ninyo ang mga Heteo, Amoreo, Cananeo, Perezeo, Hivita at Jebuseo, tulad ng utos sa inyo ni Yahweh na inyong Diyos.

18Kailangang gawin ninyo ito upang hindi nila kayo maakit sa kasuklam-suklam nilang pagsamba sa kanilang mga diyus-diyosan. Sa ganito'y makakaiwas kayo sa paggawa ng isang bagay na kasuklam-suklam kay Yahweh.

19“Kapag kinubkob ninyo ang isang lunsod, huwag ninyong putulin ang mga punongkahoy doon kahit matagal na ninyong kinukubkob ang lugar na iyon. Ang mga puno ay hindi ninyo kaaway, bagkus makakapagbigay pa ito sa inyo ng pagkain, kaya huwag ninyo itong puputulin.

20Ang mga puno na hindi makakain ang bunga ang siya ninyong puputulin kung kailangan ninyo sa pagkubkob.

## Deuteronomio 21

### Pagpapasya tungkol sa Di-malutas na Krimen

1“Kapag naroon na kayo sa lupaing ibibigay sa inyo ng Diyos ninyong si Yahweh at may nakita kayong bangkay sa parang at hindi ninyo alam kung sino ang pumatay,

2ipagbigay-alam ninyo iyon sa matatandang pinuno at mga hukom upang sukatin nila ang distansya ng mga lunsod sa lugar na pinangyarihan ng krimen.

3Pagkatapos, ang pinuno ng pinakamalapit na lunsod ay kukuha ng isang dumalagang baka na hindi pa napapagtrabaho.

4Dadalhin nila ito sa isang batis na may umaagos na tubig, sa isang lugar na hindi pa nabubungkal ni natatamnan. Pagdating doon, babaliin ang leeg ng baka.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Pagkatapos, lalapit ang mga paring Levita sapagkat sila ang pinili ni Yahweh upang maglingkod sa kanya at upang magbigay ng basbas sa pamamagitan ng kanyang pangalan. Sila ay magpapasya sa bawat usapin.

6Ang mga pinuno ng lunsod na malapit sa pinangyarihan ng krimen ay maghuhugas ng kanilang mga kamay sa ibabaw ng dumalagang baka.

7Sasabihin nila, ‘Hindi kami ang pumatay. Hindi rin namin alam kung sino ang gumawa nito.

8Patawarin mo po, Yahweh, ang iyong bayang Israel na iyong iniligtas. Huwag mo po kaming panagutin sa pagkamatay ng taong ito.’

9Hindi kayo mananagot sa mga ganitong pangyayari kung gagawin ninyo ang naaayon sa kagustuhan ni Yahweh.

**Mga Tuntunin tungkol sa mga Bihag na Babae**

10“Kung pagtagumpayin kayo ng Diyos ninyong si Yahweh sa pakikipagdigma sa inyong mga kaaway at sila'y mabihag ninyo,

11at kung sakaling may makita kayong magandang babae mula sa mga bihag at nais ninyo itong maging asawa,

12dalhin ninyo siya sa inyong bahay, ipaahit ninyo ang kanyang buhok, ipaputol ang mga kuko,

13at pagbihisin. Mananatili siya sa inyong bahay sa loob ng isang buwan upang ipagluksa ang kanyang mga magulang. Pagkatapos, maaari na siyang pakasalan at sipingan.

14Subalit kung ang lalaki'y hindi na nasisiyahan sa kanya, dapat na niya itong palayain. Hindi siya maaaring ipagbili at gawing alipin sapagkat nadungisan na ang kanyang puri.

**Tuntunin tungkol sa Karapatan ng Panganay**

15“Kung ang isang lalaki ay may dalawang asawa, at mas mahal niya ang isa, ngunit kapwa may anak at ang panganay niyang lalaki ay ipinanganak doon sa hindi niya gaanong mahal,

16huwag aalisin sa kanya ang karapatan bilang panganay upang ilipat sa anak ng asawa na kanyang minamahal.

17Ang kikilalaning panganay ay ang una niyang anak at dito ibibigay ang dalawang bahagi ng kanyang ari-arian, kahit siya'y anak ng hindi gaanong mahal.

**Tuntunin tungkol sa Anak na Matigas ang Ulo**

18“Kung matigas ang ulo at suwail ang isang anak, at ayaw makinig sa kanyang mga magulang sa kabila ng kanilang pagdisiplina,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[19]siya ay dadalhin ng kanyang mga magulang sa pintuang-bayan at ihaharap sa pinuno ng bayan.

[20]Ang sasabihin nila, 'Matigas ang ulo at suwail ang anak naming ito; at ayaw makinig sa amin. Siya ay lasenggo at nilulustay ang aming kayamanan.'

[21]Pagkatapos, babatuhin siya ng taong-bayan hanggang sa mamatay. Ganyan ang inyong gagawin sa masasamang tulad niya. Mapapabalita ito sa buong Israel at matatakot silang tumulad doon.

**Iba't ibang Tuntunin**

[22]"Kapag ibinitin ninyo sa punongkahoy ang bangkay ng isang taong pinatay bilang parusa sa nagawang kasalanan,

[23]hindi dapat abutan ng gabi ang bangkay na iyon sa ganoong kalagayan. Kailangan siyang ilibing sa araw ding iyon, sapagkat ang ibinitin sa punongkahoy ay isinumpa ng Diyos. Kapag hindi ninyo inilibing agad, madadamay sa sumpa ang lupaing ibinigay sa inyo ng Diyos ninyong si Yahweh.

## Deuteronomio 22

[1]"Kapag nakita ninyong nakawala ang baka o tupa ng inyong kapwa Israelita, huwag ninyo itong pababayaan; hulihin ninyo at dalhin sa may-ari.

[2]Kung malayo ang tirahan ng may-ari o kung hindi ninyo alam kung kanino, iuwi muna ninyo ito at hintaying hanapin ng may-ari saka ninyo ibigay.

[3]Ganyan din ang gagawin ninyo sa asno, damit o anumang bagay na inyong napulot na maaaring naiwala ng isang Israelita; ibalik ninyo sa may-ari.

[4]"Kapag nakita ninyong nabuwal ang baka o asno ng inyong kapwa, tulungan ninyong ibangon iyon.

[5]"Ang mga babae ay huwag magsusuot ng kasuotang panlalaki o ang mga lalaki ng kasuotang pambabae. Sinumang gumawa nito ay kasuklam-suklam kay Yahweh na inyong Diyos.

[6]"Kung may makita kayong pugad ng ibon, sa lupa o sa punongkahoy, na may inakay o kaya'y may nililimlimang itlog, huwag ninyong huhulihin ang inahin.

[7]Maaari ninyong kunin ang inakay o ang itlog ngunit pakawalan ninyo ang inahin upang mabuhay kayo nang mahaba at masagana.

[8]"Lagyan ninyo ng harang ang bubong ng bahay na gagawin ninyo upang hindi kayo managot sakaling may mahulog mula roon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9“Huwag ninyong tatamnan ng magkaibang binhi ang inyong ubasan; kapag ginawa ninyo iyon, ang bunga ng ibang binhi at ng inyong ubas ay dapat dalhing lahat sa santuwaryo.

10“Huwag ninyong pagsasamahin sa iisang araro ang baka at ang asno.

11“Huwag kayong magsusuot ng damit na yari sa pinagsanib na lana at lino.

12“Lagyan ninyo ng palawit ang apat na sulok ng inyong balabal.

**Mga Tuntunin tungkol sa Puri ng Isang Babae**

13“Kung pinakasalan ng isang lalaki ang isang babae, at pagkatapos magtalik ay inayawan niya ang babae,

14at pinagbintangang hindi na ito birhen nang pakasalan niya,

15dudulog sa matatandang pinuno ng bayan ang mga magulang ng babae, dala ang katibayan ng pagkabirhen ng kanilang anak nang ito'y mag-asawa.

16Ganito ang sasabihin ng ama, ‘Ipinakasal ko sa lalaking ito ang anak kong babae ngunit ngayo'y ayaw na ng lalaking ito ang anak ko.

17Sinira niya ang puri ng aking anak at ipinamalita niyang hindi na ito birhen nang pakasalan niya. Subalit narito po ang katunayan ng kanyang pagkabirhen.’ At ilalagay nila sa harapan ng matatandang pinuno ang damit na may bahid ng dugo ng babae.

18Pagkatapos nito, huhulihin ng mga pinuno ng bayan ang lalaki at kanilang hahagupitin.

19Bukod doon, siya'y pagmumultahin ng sandaang pirasong pilak at ito'y ibibigay sa ama ng babae dahil sa ginawa niyang paninirang-puri sa isang babaing Israelita. Sila'y mananatiling mag-asawa, at ang babae'y hindi maaaring palayasin at hiwalayan ng lalaki habang siya'y nabubuhay.

20“Ngunit kung totoo ang bintang, at walang makitang katunayan ng pagiging birhen,

21ilalabas ang babae sa may pintuan ng bahay ng kanyang ama. Babatuhin siya roon ng mga kalalakihan ng lunsod, hanggang sa mamatay sapagkat gumawa siya ng malaking kasalanan sa bahay mismo ng kanyang ama, at ito'y kasuklam-suklam na gawain sa Israel. Sa ganyang paraan ninyo aalisin ang ganitong uri ng kasamaan sa inyong sambayanan.

22“Kapag ang isang lalaki'y nahuling kasiping ang asawa ng iba, pareho silang dapat patayin. Sa ganyang paraan ninyo aalisin ang ganitong uri ng kasamaan sa Israel.

23“Kapag ang isang lalaki ay nahuling nakikipagtalik sa isang dalagang nakatakda nang ikasal at hindi naman ito humingi ng saklolo gayong sila'y nasa loob ng bayan,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24dapat ninyo silang ilabas ng bayan at batuhin hanggang mamatay sapagkat hindi humingi ng saklolo ang babae, at ang lalaki naman ay lumapastangan ng isang babaing malapit nang ikasal. Sa ganitong paraan ninyo aalisin ang ganitong uri ng kasamaan sa inyong sambayanan.

25“Kapag ang isang dalagang nakatakda nang ikasal ay ginahasa sa labas ng lunsod, ang lalaki lamang ang dapat patayin.

26Hindi paparusahan ang babae sapagkat wala siyang kasalanan. Ang lalaki lamang ang may kasalanan sapagkat katumbas na rin nito ang pagsalakay at pagpatay ng kapwa tao.

27Ang babae ay ginahasa sa isang lugar na walang katau-tao at walang makakarinig humingi man ito ng saklolo.

28“Kapag ang isang dalagang hindi pa nakatakdang ikasal ay ginahasa ng isang lalaki at nahuli ang lalaking iyon,

29bibigyan niya ng limampung pirasong pilak ang ama ng babae, at pakakasalan niya ang babae. Dahil sinira niya ang puri nito, hindi maaaring palayasin at hiwalayan ng lalaki ang babae.

30“Hindi dapat pakasalan ng anak ang ibang asawa ng kanyang ama. Hindi niya dapat ilagay sa kahihiyan ang kanyang sariling ama.

**Mga Hindi Kabilang sa Sambayanan ng Diyos**

## Deuteronomio 23

1“Ang isang lalaking kinapon o naputulan ng ari ay hindi maaaring ibilang sa sambayanan ni Yahweh.

2“Sinumang anak sa labas ay hindi maaaring ibilang sa sambayanan ni Yahweh, hanggang sa ikasampung salin ng kanyang lahi.

3“Ang isang Ammonita o Moabita ay hindi maaaring ibilang sa sambayanan ni Yahweh, hanggang sa ikasampung salin ng kanilang lahi,

4sapagkat hindi nila kayo binigyan ng pagkain at inumin nang kayo'y naglalakbay mula sa Egipto. Bukod dito, inupahan pa nila si Balaam na anak ni Beor na taga-Petor sa Mesopotamia para sumpain kayo.

5Gayunman, hindi siya dininig ng Diyos ninyong si Yahweh. Sa halip, pinagpala niya kayo sapagkat mahal kayo ni Yahweh.

6Kailanma'y huwag ninyo silang tutulungan upang sila'y maging mapayapa o masagana.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7“Huwag ninyong kasusuklaman ang mga Edomita sapagkat sila'y mga kapatid ninyo; gayundin ang mga Egipcio sapagkat kayo'y nanirahan sa kanilang lupain.

8Maaaring ibilang sa sambayanan ni Yahweh ang ikatlong salin ng kanilang lahi.

### Mga Tuntunin tungkol sa Kalinisan sa Loob ng Kampo

9“Sa panahon ng digmaan, umiwas kayo sa anumang maaaring magparumi sa inyo sa loob ng inyong kampo.

10“Kapag nilabasan ng sariling binhi ang isang lalaki habang natutulog, lalabas siya ng kampo at hindi muna babalik.

11Maliligo siya sa dapit-hapon. Paglubog ng araw, saka lamang siya babalik sa kampo.

12“Maglalaan kayo ng isang lugar sa labas ng kampo na gagawin ninyong palikuran.

13Magdala rin kayo ng kahoy bukod pa sa inyong mga sandata. Gagamitin ninyo itong panghukay at pangtabon kapag kayo'y dudumi.

14Naglilibot ang Diyos ninyong si Yahweh sa inyong kampo upang iligtas kayo sa mga kaaway at sila'y ipalupig sa inyo. Kaya't kailangang manatiling malinis sa paningin ng Diyos ang inyong kampo; baka pabayaan niya kayo kapag nakita niyang marumi ang kampo.

### Iba't ibang Tuntunin

15“Ang isang aliping tumakas at lumipat sa inyo ay huwag ninyong ibabalik sa dati niyang amo.

16Mananatili siya sa inyo at hayaan siyang tumira kung saan niya gusto sa loob ng inyong bayan; huwag ninyo siyang aapihin.

17“Sinumang Israelita, babae man o lalaki ay hindi maaaring magbenta ng panandaliang-aliw bilang pagsamba.

18Ang salaping kinita sa ganitong mahalay na paraan ay hindi maaaring ipagkaloob sa bahay ng Diyos ninyong si Yahweh bilang pagtupad sa isang panata. Kasuklam-suklam kay Yahweh ang pagbebenta ng panandaliang-aliw bilang pagsamba.

19“Huwag kayong magpapautang nang may tubo sa inyong kapwa Israelita, maging pera, pagkain o anumang maaaring patubuan.

20Maaari ninyong patubuan ang mga dayuhan ngunit hindi ang inyong kapwa Israelita upang pagpalain kayo ni Yahweh sa inyong mga gawain pagdating ninyo sa lupaing ibibigay niya sa inyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

21“Huwag ninyong kakaligtaang tuparin ang panata ninyo kay Yahweh. Tiyak na sisingilin niya kayo kapag hindi ninyo tinupad iyon.

22Hindi kasalanan kung hindi kayo gagawa ng panata.

23Ngunit kailangang tuparin ang anumang kusang-loob na pangako ninyo kay Yahweh.

24“Kapag kayo'y pumasok sa ubasan ng inyong kapwa, maaari kayong kumain ng bunga niyon hanggang gusto ninyo, huwag lamang kayong mag-uuwi.

25Kung mapadaan naman kayo sa triguhan ng inyong kapwa, maaari kayong pumitas ng mga uhay sa pamamagitan ng mga kamay ngunit huwag kayong gagamit ng karit.

## Deuteronomio 24

### ungkol sa Paghihiwalay at Pag-aasawang Muli

1“Kung mag-asawa ang isang lalaki ngunit dumating ang panahon na ayaw na niya sa babae dahil may natuklasan siya ritong hindi kaaya-aya, at gumawa siya ng kasulatan ng paghihiwalay, ibinigay ito sa babae, at pinalayas ito sa kanyang pamamahay;

2kung ang babaing hiniwalayan ay mag-asawa sa iba

3at hiniwalayang muli matapos bigyan ng kasulatan ng paghihiwalay (o kaya'y namatay ang ikalawang asawa), at paalisin rin ito sa kanyang pamamahay,

4ang babae ay hindi na maaaring pakasalan pa ng kanyang unang asawa; ang babae ay ituturing nang marumi. Magiging kasuklam-suklam kay Yahweh kung papakisamahan pa nito ang babae. Hindi ninyo dapat dungisan ang lupaing ibibigay niya sa inyo.

### Iba't Ibang Tuntunin

5“Ang lalaking bagong kasal ay hindi maaaring maglingkod sa hukbo o anumang gawaing-bayan sa loob ng isang taon; hahayaan muna siyang lumigaya sa piling ng kanyang asawa.

6“Huwag ninyong kukuning sangla ang gilingan na ginagamit ng isang tao para sa kanyang pagkain, sapagkat para na rin ninyong kinuha ang kanyang ikinabubuhay.

7“Sinumang dumukot sa kapwa niya Israelita, upang alipinin o ipagbili ay dapat patayin. Sa ganitong paraan ninyo aalisin ang kasamaang tulad nito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[8]“Tungkol sa mga sakit sa balat na parang ketong, sundin ninyong mabuti ang sasabihin sa inyo ng mga paring Levita, sapagkat iyon ang tagubilin ko sa kanila.

[9]Alalahanin ninyo ang ginawa ni Yahweh na inyong Diyos kay Miriam nang kayo'y naglalakbay mula sa Egipto.

[10]“Kung kayo'y magpapautang sa inyong kapatid, huwag kayong papasok sa bahay niya para kunin ang kanyang sangla;

[11]maghintay kayo sa labas upang doon tanggapin ang sangla na kusang ibibigay ng nangutang.

[12]Kung balabal ang sangla ng isang mahirap na nangutang sa inyo, huwag ninyong palilipasin ang gabi na nasa inyo ang sangla.

[13]Dapat maibalik iyon sa kanya paglubog ng araw, sapagkat iyon lamang ang gagamitin niya sa pagtulog. Sa gayon, tatanaw siya ng utang na loob sa inyo at kalulugdan kayo ng Diyos ninyong si Yahweh.

[14]“Huwag ninyong ipagkakait ang kaukulang bayad sa inyong mahihirap at nangangailangang manggagawa, maging siya ma'y kapwa Israelita o dayuhan na nakikipamayan sa inyo.

[15]Bago lumubog ang araw, ibigay na ninyo sa kanya ang sweldo niya para sa maghapon sapagkat iyon lamang ang inaasahan niya sa buhay. Kapag hindi ninyo ibinigay agad, at dumaing siya kay Yahweh, iyon ay pananagutan ninyo.

[16]“Hindi dapat parusahan ng kamatayan ang mga magulang dahil sa krimeng nagawa ng anak ni ang anak dahil sa krimeng nagawa ng magulang; ang mismong may sala lamang ang siyang dapat patayin.

[17]“Huwag ninyong pagkakaitan ng katarungan ang mga dayuhan o ang mga ulila. Huwag din ninyong kukuning sangla ang balabal ng babaing balo.

[18]Iniuutos ko ito sa inyo sapagkat dapat ninyong alalahaning naging alipin din kayo sa Egipto at iniligtas kayo roon ng Diyos ninyong si Yahweh.

[19]“Kung sa pagliligpit ng ani ay may maiwan kayong mga uhay, huwag na ninyong babalikan iyon; hayaan na ninyong mapulot iyon ng mga dayuhan, ulila at mga biyuda. Sa ganoon, pagpapalain kayo ni Yahweh sa lahat ninyong gawain.

[20]Kapag napitasan na ninyong minsan ang inyong mga olibo, huwag na ninyong babalikan ang natira; hayaan na ninyo iyon sa mga dayuhan, ulila at mga biyuda.

[21]Kapag naani na ninyo ang inyong ubas, huwag na ninyong babalikan ang natira; hayaan na ninyo iyon sa mga dayuhan, ulila at mga biyuda.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Alalahanin ninyong kayo'y naging alipin din sa Egipto. Iyan ang dahilan kaya iniuutos ko ito sa inyo.

## Deuteronomio 25

1“Kapag may usaping iniharap sa hukuman, at napawalang-sala ang walang kasalanan at nahatulan ang may sala,

2at kung ang angkop na parusa ay hagupit, padadapain ng hukom ang may sala, at hahagupitin ayon sa bigat ng kanyang kasalanan.

3Apatnapu ang pinakamaraming hagupit na maaaring ibigay sa may sala; ang higit dito ay paghamak na sa kanyang pagkatao.

4“Huwag ninyong bubusalan ang bibig ng baka habang ito'y gumigiik.

### Ang Pag-aasawang Muli ng Isang Biyuda

5“Kung may dalawang magkapatid na naninirahan sa parehong bahay at mamatay na walang anak ang isang lalaking may asawa, ang nabiyuda niya ay hindi maaaring mag-asawa sa iba; dapat siyang pakasalan ng kapatid ng namatay at ito ang tutupad sa tungkulin ng kapatid na namatay.

6Ang kanilang unang anak na lalaki ay isusunod sa pangalan ng namatay upang hindi mawala sa Israel ang pangalan nito.

7Kung ayaw ng kapatid ng namatay na pakasalan ang balo, dudulog ito sa matatandang namumuno sa bayan. Sasabihin ng nabiyuda, ‘Ayaw ng lalaking ito na panatilihin ang pangalan ng kanyang kapatid. Ayaw niyang gampanan ang kanyang tungkulin para sa kanyang kapatid.’

8Kung magkagayon, ang kapatid ng yumao ay ipapatawag ng matatandang pinuno at pagsasabihan. Kapag ayaw pa rin niya,

9lalapitan siya ng biyuda, hahablutin ang sandalyas nito saka duduraan sa mukha, at sasabihing, ‘Ganyan ang bagay sa taong tumatangging panatilihin ang pangalan ng kanyang kapatid.’

10At ang sambahayan ng lalaking ito'y makikilala sa buong Israel sa tawag na, Ang Sambahayan ng Lalaking Hinubaran ng Sandalyas.

### Iba Pang Tuntunin

11“Kapag may dalawang lalaking nag-aaway at ang asawa ng isa ay lumapit upang tulungan ang kanyang asawa at dinaklot ang ari ng kalaban,

12puputulin ang kamay ng babaing iyon; hindi siya dapat kaawaan.

13“Huwag kayong gagamit ng dalawang uri ng pabigat sa timbangan, isang mabigat at isang magaan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Huwag din kayong gagamit ng dalawang uri ng takalan, isang malaki at isang maliit.

15Ang tamang pabigat ang gagamitin ninyo sa timbangan, at ang gagamiting takalan ay iyong husto sa sukat upang mabuhay kayo nang matagal sa lupaing ibibigay sa inyo ng Diyos ninyong si Yahweh.

16Lahat ng mandaraya ay kasuklam-suklam kay Yahweh na inyong Diyos.

### Ang Paglipol sa Lahi ni Amalek

17“Huwag ninyong kalilimutan ang ginawa ng mga Amalekita sa inyo nang kayo'y naglalakbay mula sa Egipto.

18Wala silang takot sa Diyos. Sinalakay nila kayo nang kayo'y lupaypay sa hirap, at pinuksa ang mga kasamahan ninyo sa hulihan.

19Kapag nalupig na ninyo ang lahat ng inyong mga kaaway at panatag na kayo sa lupaing ibibigay sa inyo ni Yahweh na inyong Diyos, ubusin ninyo ang lahi ng mga Amalekita roon. Huwag ninyo itong kalilimutan.

## Deuteronomio 26

### Ang mga Tuntunin tungkol sa Unang Bunga at Ikasampung Bahagi ng mga Ani

1“Kapag nasakop na ninyo ang lupaing ibibigay sa inyo ni Yahweh, at matiwasay na kayong naninirahan doon,

2kumuha kayo ng unang bunga ng inyong mga pananim. Ilagay ninyo iyon sa isang basket at dalhin sa lugar na pipiliin ng Diyos ninyong si Yahweh na kung saan ay sasambahin ang kanyang pangalan.

3Haharap kayo sa paring nakatalaga roon at inyong sasabihin, ‘Kinikilala ko ngayon sa harap ni Yahweh na ako'y nakarating na sa lupaing ipinangako niya sa aming mga ninuno.’

4“Kukunin naman ng pari ang basket at ilalagay sa harap ng altar.

5Pagkatapos ay bibigkasin ninyo ang mga salitang ito sa harapan ni Yahweh: ‘Isang pagala-galang Arameo ang aking ninuno. Dinala niya ang kanyang pamilya sa Egipto upang manirahan doon. Kakaunti lamang sila nang magpunta doon, ngunit sila'y dumami nang dumami at naging isang malaki at makapangyarihang bansa.

6Pinagmalupitan kami at inalipin ng mga Egipcio.

7Kaya't humingi kami ng tulong kay Yahweh, ang Diyos ng aming mga ninuno. Dininig niya kami at nakita niya ang aming pagdurusa, kahirapan at kaapihang dinaranas.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Inilabas kami ni Yahweh mula sa Egipto sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan, ng mga kakila-kilabot na gawa at mga kababalaghan

9at dinala sa lupaing ito na mayaman at sagana sa lahat ng bagay.

10Kaya, narito ngayon, Yahweh, ang unang bunga ng aming mga pananim sa lupaing ibinigay mo sa amin.' "Pagkasabi noon, ilapag ninyo ang inyong dala sa harap ng altar, saka kayo luluhod upang sambahin si Yahweh.

11Dahil sa kabutihan niya sa inyo, kayong lahat ay magdiriwang, kasama ang buong sambahayan, ang mga Levita, at ang mga nakikipamayan sa inyo.

12"Sa ikatlong taon, ibubukod ninyo ang ikasampung bahagi ng inyong ani upang ibigay sa mga Levita, sa mga dayuhan, sa mga ulila, at sa mga balo upang sila'y may makain. Kapag nagawa na ito,

13sasabihin ninyo kay Yahweh na inyong Diyos, 'Naibukod ko na po ang bahaging nakalaan sa inyo, at naibigay ko na sa mga Levita, sa mga dayuhan, sa mga ulila at balo, ayon sa utos ninyo sa akin. Hindi ko nilabag o kinaligtaan isa man sa inyong utos.

14Hindi ko binawasan ang ikasampung bahagi kahit sa panahon ng kahirapan. Hindi ko ito inilabas sa aking bahay nang ako'y marumi. Hindi ko rin iniatang sa mga patay ang bahagi nito. Dininig ko ang inyong tinig, Yahweh, aking Diyos. Sinunod kong lahat ang iniutos ninyo sa amin.

15Kaya nga, tingnan ninyo kami mula sa inyong banal na tahanan sa langit at pagpalain ninyo ang bayang Israel pati na ang lupaing ibinigay ninyo sa amin ayon sa pangako ninyo sa aming mga ninuno, ang lupaing mayaman at sagana sa lahat ng bagay.'

### Bayang Nakalaan kay Yahweh

16"Ngayon ay ibinigay nga sa inyo ng Diyos ninyong si Yahweh ang mga tuntuning ito; sundin ninyo ito nang buong puso't kaluluwa.

17Ipinahayag ninyo ngayon na si Yahweh ang inyong Diyos, lalakad kayo ayon sa kanyang daan, susundin ang kanyang mga tuntunin at papakinggan ang kanyang tinig.

18Ipinahayag naman niya sa inyo na kayo ay kanyang bayang hinirang, tulad ng kanyang pangako, at dapat ninyong sundin ang kanyang mga tuntunin.

19Pagpapalain niya kayo higit sa lahat ng bansang kanyang itinatag. Kayo ang bansang nakalaan sa kanya. At tulad ng kanyang pangako, kayo ay tatanggap ng papuri, katanyagan at karangalan."

## Deuteronomio 27

### Ang Altar sa Bundok ng Ebal

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Ganito naman ang bilin ni Moises, kasama ang matatandang namumuno sa sambayanan: “Sundin ninyong lahat ang kautusang ibinibigay ko sa inyo ngayon.

2Pagkatawid ninyo sa ibayo ng Jordan at papasok na kayo sa lupaing ibibigay sa inyo ni Yahweh, maglagay kayo ng malalaking bato, at inyong palitadahan sa ibabaw.

3At isusulat ninyo roon ang lahat ng mga batas na ito pagdating ninyo sa lupaing mayaman at sagana sa lahat ng bagay, ang lupaing ipinangako sa inyo ni Yahweh, ang Diyos ng inyong mga ninuno.

4Ilagay ninyo iyon sa Bundok ng Ebal at palitadahan ninyo, tulad ng sinasabi ko ngayon.

5Magtayo kayo roon ng altar na bato para kay Yahweh na inyong Diyos. Mga batong hindi ginamitan ng paet ang inyong gamitin.

6Mga batong hindi tinapyas ang gagamitin ninyo para sa altar at doon ninyo iaalay ang inyong mga handog na susunugin.

7Dito rin ihahain ang handog na pangkapayapaan at sa harap nito kayo magsasalu-salo sa panahon ng inyong pasasalamat sa Diyos ninyong si Yahweh.

8At sa ibabaw ng mga batong iyon, isusulat ninyo nang malinaw ang bawat salita ng kautusan ni Yahweh.”

9Sinabi ni Moises at ng mga paring Levita, “Tumahimik kayo at makinig, bayang Israel. Mula ngayon, kayo na ang sambayanan ni Yahweh.

10Kaya, sumunod kayo sa kanya at tuparin ang mga tuntuning ibinibigay ko sa inyo ngayon.”

**Ang mga Sumpa ng Hindi Pagsunod kay Yahweh**

11Nang araw ring iyon, ganito ang itinagubilin ni Moises sa buong Israel,

12“Pagkatawid ninyo ng Jordan, ang mga lipi nina Simeon, Levi, Juda, Isacar, Jose, at Benjamin ay tatayo sa tapat ng Bundok ng Gerizim upang bigkasin ang pagpapala.

13Ang mga lipi naman nina Ruben, Gad, Asher, Zebulun, Dan, at Neftali ay tatayo sa tapat ng Bundok ng Ebal upang bigkasin ang mga sumpa.

14Ganito naman ang isisigaw ng mga pari:

15“‘Sumpain ang sinumang gumawa ng anumang imahen upang sambahin kahit palihim, ito ay kasuklam-suklam kay Yahweh.’ “Ang buong bayan ay sasagot ng: ‘Amen.’

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16"'Sumpain ang sinumang hindi gumagalang sa kanyang ama at ina.' "Sasagot ang sambayanan: 'Amen.'

17"'Sumpain ang sinumang gumalaw sa palatandaan ng hangganan ng lupang pag-aari ng kanyang kapwa.' "Sasagot ang sambayanan: 'Amen.'

18"'Sumpain ang sinumang magligaw sa bulag.' "Sasagot ang sambayanan: 'Amen.'

19"'Sumpain ang sinumang magkait ng katarungan sa mga dayuhan, ulila at biyuda.' "Sasagot ang sambayanan: 'Amen.'

20"'Sumpain ang sinumang nakikipagtalik sa ibang asawa ng kanyang ama, sapagkat inilalagay niya sa kahihiyan ang kanyang sariling ama.' "Sasagot ang sambayanan: 'Amen.'

21"'Sumpain ang sinumang makipagtalik sa anumang uri ng hayop.' "Sasagot ang sambayanan: 'Amen.'

22"'Sumpain ang sinumang sumiping sa kanyang kapatid na babae, kahit pa ito'y kapatid sa ama o sa ina.' "Sasagot ang sambayanan: 'Amen.'

23"'Sumpain ang sinumang sumiping sa kanyang biyenang babae.' "Sasagot ang sambayanan: 'Amen.'

24"'Sumpain ang sinumang lihim na pumatay sa kanyang kapwa.' "Sasagot ang sambayanan: 'Amen.'

25"'Sumpain ang sinumang nagpapabayad upang pumatay ng taong walang kasalanan.' "Sasagot ang sambayanan: 'Amen.'

26"'Sumpain ang sinumang hindi susunod sa mga utos na ito.' "Sasagot ang sambayanan: 'Amen.'

## Deuteronomio 28

### Ang Pagpapala ng Pagiging Masunurin

(Lev. 26:3-13; Deut. 7:12-24)

1"Kung susundin lamang ninyo si Yahweh na inyong Diyos at tutuparin ang kanyang mga utos, gagawin niya kayong pinakadakila sa lahat ng mga bansa sa balat ng lupa.

2Mapapasa-inyo ang lahat ng mga pagpapalang ito kung susundin ninyo ang Diyos ninyong si Yahweh.

3"Pagpapalain niya kayo sa inyong mga bayan at sa inyong mga bukid.

4"Pagpapalain niya kayo ng maraming anak, masaganang ani sa inyong lupain, at maraming alagang hayop.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5"Pagpapalain niya ang imbakan ng inyong inaning butil at ang mga pagkaing nagmumula roon.

6"Pagpapalain niya kayo sa lahat ng inyong gagawin.

7"Ang mga kaaway na magtatangkang lumaban sa inyo ay matatalo ninyo sa tulong ni Yahweh. Sasalakayin nila kayo ngunit magkakanya-kanya sila sa pagtakas.

8"Pagpapalain niya ang inyong mga kamalig at lahat ng inyong gawain; pagpapalain niya kayo sa lupaing ibibigay niya sa inyo.

9"Tulad ng pangako ni Yahweh, kayo'y gagawin niyang isang bansang matatag at nakalaan sa kanya kung susundin ninyo siya at tutuparin ang kanyang mga tuntunin.

10Sa ganoon makikita ng lahat ng bansa na kayo'y kanyang bayan, at matatakot sila sa inyo.

11Pasasaganain niya kayo sa lahat ng bagay pagdating ninyo sa lupaing ibibigay niya sa inyo. Pararamihin niya ang inyong anak, at mga hayop, at pasasaganain ang ani ng inyong bukirin.

12Bubuksan niya ang langit upang ibuhos sa inyo ang ulan sa kapanahunan. Pagpapalain nga niya kayo sa lahat ng inyong gagawin. Dahil dito, hindi kayo mangungutang, sa halip, kayo pa ang magpapautang sa ibang bansa.

13Gagawin kayo ng Diyos ninyong si Yahweh na pinuno ng mga bansa, at hindi tagasunod. Uunlad kayo at hindi mabibigo kung susundin ninyong mabuti ang kanyang mga utos na ibinibigay ko sa inyo ngayon.

14Huwag ninyong lalabagin ang alinman sa sinasabi ko sa inyo. Huwag kayong lilihis sa kanan o sa kaliwa. Huwag kayong tatalikod kay Yahweh ni sasamba o maglilingkod sa mga diyus-diyosan.

### Ang Ibubunga ng Pagsuway

(Lev. 26:14-46)

15"Subalit kung hindi kayo makikinig kay Yahweh na inyong Diyos at hindi susunod sa kanyang mga utos at mga tuntuning ibinibigay ko sa inyo ngayon, mangyayari sa inyo ang mga sumpang ito:

16"Susumpain niya kayo, ang inyong mga lunsod at ang inyong mga bukid.

17"Susumpain niya ang imbakan ng inyong inaning butil at ang mga pagkaing nagmumula roon.

18"Susumpain niya kayo at magkakaroon lamang kayo ng iilang anak, mahinang ani, at kaunting alagang hayop.

19"Mabibigo kayo sa lahat ng inyong gagawin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]“Padadalhan niya kayo ng kahirapan, kaguluhan, at kabiguan sa lahat ng inyong gagawin hanggang sa kayo'y malipol. Gagawin niya ito dahil sa pagtalikod ninyo sa kanya.

[21]Hindi niya kayo aalisan ng salot hanggang sa maubos kayo sa lupaing ibibigay niya sa inyo.

[22]Lilipulin kayo ni Yahweh sa pamamagitan ng sakit na pagkatuyo, nag-aapoy na lagnat, pamamaga ng katawan, at sakit sa balat; padadalhan din niya kayo ng matinding init at tagtuyot. Hindi kayo titigilan ng mga ito hanggang hindi kayo nalilipol.

[23]Ipagkakait sa inyo ang ulan at dahil dito, magiging parang bakal ang lupa dahil sa pagkatigang.

[24]Pauulanan kayo ni Yahweh ng alikabok sa halip na tubig hanggang sa kayo'y lubusang mapuksa.

[25]“Hahayaan niyang matalo kayo ng inyong mga kaaway. Lalaban kayo sa kanila ngunit magkakanya-kanya kayo ng takbo. Dahil dito, kikilabutan ang lahat ng bansa sa inyong sinapit.

[26]Kakainin ng mga ibon at mga hayop ang inyong mga bangkay ngunit walang mag-aabalang bumugaw sa mga ito.

[27]Pahihirapan kayo ng mga pigsa, gaya ng ginawa ni Yahweh sa mga Egipcio. Tatadtarin niya kayo ng galis, buni at pangangati ng balat na hindi mapapagaling.

[28]Dahil sa mga gagawin ni Yahweh sa inyo ay masisiraan kayo ng bait, bubulagin niya kayo at lilituhin.

[29]Parang bulag kayong mangangapa sa katanghaliang-tapat, at maliligaw kayo sa inyong mga lakad. Anuman ang inyong gawin ay hindi kayo magtatagumpay. Patuloy kayong gigipitin at sasamsaman ng ari-arian ngunit walang sasaklolo sa inyo.

[30]“Makikipagkasundo kayong pakasal sa isang babae ngunit iba ang mapapangasawa niya. Magtatayo kayo ng bahay ngunit iba ang titira. Magtatanim kayo ng ubas ngunit iba ang makikinabang.

[31]Kakatayin ang sarili ninyong baka sa harapan ninyo ngunit hindi ninyo matitikman. Aagawin sa inyo ang inyong asno at hindi na ibabalik. Ang mga tupa ninyo'y sasamsamin ng kaaway at hindi na ninyo mababawi.

[32]Ang inyong mga anak ay kitang-kita ninyong ibibigay sa ibang tao, ngunit wala kayong magagawa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

33Isang bansang hindi ninyo kilala ang makikinabang sa ani ng inyong lupain at sa bunga ng inyong pagpapagod. Pahihirapan nila kayo at patuloy na aapihin

34hanggang sa masiraan kayo ng bait dahil sa inyong paghihirap.

35Pahihirapan kayo ni Yahweh sa pamamagitan ng bukol sa tuhod at binti. Hindi ninyo ito mapapagaling, sa halip ay kakalat mula sa ulo hanggang paa.

36“Kayo at ang inyong hari ay ipapabihag ni Yahweh sa isang bansang hindi ninyo kilala ni ng inyong mga ninuno. Maglilingkod kayo sa kanilang diyos na yari sa kahoy at bato.

37Sa mga bansang pagtatapunan sa inyo ni Yahweh ay magiging katatawanan kayo at pag-uusapan. Magtataka ang mga tao roon sa inyong kinahinatnan.

38“Maghahasik kayo ng marami ngunit kaunti lamang ang maaani sapagkat sisirain ng mga balang.

39Magtatanim kayo ng ubas at masinop ninyo itong aalagaan ngunit hindi kayo makakatikim ng bunga o katas nito sapagkat sisirain ng uod.

40Magkakaroon nga kayo ng maraming punong olibo sa inyong lupain ngunit hindi kayo makakakuha ng langis sapagkat malalagas ang mga bunga nito.

41Magkakaanak kayo ngunit mawawala sa inyo sapagkat mabibihag ng mga kaaway.

42Uubusin ng mga kulisap ang inyong mga punongkahoy at pananim.

43“Uunlad ang kabuhayan ng mga dayuhang kasama ninyo ngunit ang kabuhayan ninyo'y patuloy na babagsak.

44Sila ang magpapautang sa inyo at wala kayong maipapautang sa kanila. Sila ang mamumuno sa inyo at kayo'y tagasunod nila.

45“Kapag hindi kayo nakinig sa Diyos ninyong si Yahweh at hindi sumunod sa kanyang mga utos at mga tuntuning ibinigay sa inyo, magaganap sa inyo ang lahat ng mga sumpang ito hanggang kayo'y lubusang mapuksa.

46Ang mga ito'y magsisilbing patotoo ng hatol ng Diyos sa inyo at sa inyong magiging lahi magpakailanman.

47Hindi ninyo pinaglingkuran nang buong kasiyahan at kagalakan si Yahweh sa panahon ng inyong kasaganaan.

48Kaya, ipapasakop niya kayo sa inyong mga kaaway. Sila ang paglilingkuran ninyo sa panahon ng kagutuman, kauhawan, kahubaran at kakulangan sa lahat ng bagay. Pahihirapan kayo ni Yahweh hanggang kayo ay malipol.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

49Ipapalusob kayo ni Yahweh sa isang bansang mula pa sa kabilang panig ng daigdig. Hindi ninyo alam ang kanilang wika. Simbilis ng agila na sasalakayin nila kayo.

50Matitigas ang kalooban ng mga taong iyon, at walang awa sa matanda man o bata.

51Uubusin nila ang inyong mga hayop, pati ang ani ng inyong lupain. Wala silang ititira sa inyong ani, inumin, langis, baka o kawan, hanggang sa kayo'y malipol.

52Kukubkubin nila ang inyong mga bayan sa lupaing ibinibigay sa inyo ni Yahweh hanggang sa gumuho ang nagtataasang pader na sa akala ninyo'y magliligtas sa inyo.

53“Kapag kinubkob kayo ng inyong mga kaaway, sa tindi ng inyong gutom ay kakainin ninyo pati ang inyong mga anak na ibinigay sa inyo ng Diyos ninyong si Yahweh.

54Magiging maramot pati ang pinakamabait na tao. Hindi niya bibigyan ng pagkain pati kanyang kapatid, asawa o ang nalalabi niyang anak.

55Sinuman sa kanila'y hindi niya bibigyan ng kinakain niyang karne ng kanyang anak sa takot na mawalan siya ng makakain. Ganyan ang aabutin ninyo sa panahon ng pagkubkob sa inyo ng inyong mga kaaway.

56Maging ang pinakamabait at pinakamaselang babae sa Israel na dati'y hindi tumutuntong ng lupa ay magiging maramot pati sa asawa't mga anak.

57Maging ang kasisilang na sanggol at ang mga anak na kanyang isinilang ay ipagdadamot niya. Lihim niya itong kakainin at pagkaubos ay ang sanggol ang isusunod niya. Ganyan nga ang aabutin ninyo sa panahon ng pagsalakay sa inyo ng inyong mga kaaway.

58“Kapag hindi ninyo sinunod ang lahat ng utos sa aklat na ito at hindi ninyo iginalang ang kahanga-hanga at kakila-kilabot na pangalan ni Yahweh,

59kayo at hanggang sa inyong kaapu-apuhan ay padadalhan niya ng matinding kahirapan at mga salot na walang katapusan.

60Ipadaranas niya sa inyo ang mga kinatatakutan ninyong sakit na ipinadala niya sa Egipto. Hindi na kayo gagaling sa mga sakit na ito.

61Padadalhan din niya kayo ng iba pang karamdamang hindi nabanggit sa aklat na ito ng kautusan hanggang sa kayo'y mapuksa.

62At kahit dumami pa kayo na sindami ng bituin sa langit, kaunti lamang ang matitira sa inyo sapagkat hindi kayo nakinig sa Diyos ninyong si Yahweh.

63Kung gaano kalaki ang kanyang kasiyahan sa pagpapala at pagpapaunlad sa inyo, gayon din kalaki ang kasiyahan niya sa pagwasak at pagpuksa sa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

inyo. Bubunutin niya pati ang pinakaugat ng inyong lahi sa lupaing ibibigay niya sa inyo.

64“Sa gagawin sa inyo ni Yahweh ay magkakawatak-watak kayo sa lahat ng sulok ng daigdig at kayo'y sasamba sa mga diyos na yari sa kahoy at bato, sa mga diyus-diyosang kailanma'y hindi ninyo nakilala ni ng inyong mga ninuno.

65Hindi kayo mapapanatag doon. Lagi kayong mag-aalala. Mamumuhay kayo sa kabiguan at matinding kalungkutan.

66Laging manganganib ang inyong buhay. Araw at gabi'y paghaharian kayo ng takot at walang katiyakan ang buhay.

67Dahil sa malaking takot na likha ng inyong nakikita, kung araw ay sasabihin ninyong sana'y gumabi na, at kung gabi naman sana'y mag-umaga na.

68Ibabalik kayo ni Yahweh sa Egipto, sakay ng mga barko, kahit naipangako niyang hindi na kayo pababalikin doon. Ipagbibili ninyo ang mga sarili ninyo upang maging alipin ng inyong mga kaaway ngunit walang bibili sa inyo.”

## Deuteronomio 29

### Ang Tipan ni Yahweh sa Israel sa Lupain ng Moab

1Ito ang mga tuntunin ng kasunduang ibinigay ni Yahweh kay Moises upang sabihin sa mga Israelita nang sila'y nasa lupain ng Moab, bukod pa sa kasunduang ginawa niya sa Sinai.

2Tinipon ni Moises ang mga Israelita at sinabi, “Hindi kaila sa inyo ang ginawa ni Yahweh kay Faraon, sa kanyang mga tauhan at sa buong Egipto.

3Nakita ninyo ang kapangyarihan ni Yahweh at ang mga tanda at kababalaghang ginawa niya.

4Ngunit hanggang ngayon ay hindi pa niya hinahayaang maunawaan ninyo ang inyong mga naranasan.

5Apatnapung taon akong nanguna sa inyo sa ilang. Hindi kailanman nasira ang inyong kasuotan ni napudpod ang inyong sandalyas.

6Wala kayong pagkain o inumin ngunit binigyan kayo ni Yahweh upang malaman ninyong siya ang ating Diyos.

7Pagdating ninyo rito, dinigma tayo ni Haring Sihon ng Hesbon at ni Haring Og ng Bashan. Ngunit nagapi natin sila.

8Nasakop natin ang kanilang lupain at iyon ang ibinigay natin sa lipi nina Ruben, Gad at sa kalahati ng lipi ni Manases.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Kaya, sundin ninyong mabuti ang mga tuntunin ng kasunduang ito upang magtagumpay kayo sa lahat ng inyong gagawin.

10“Ngayo'y narito tayong lahat sa harapan ni Yahweh—ang pinuno ng bawat lipi, ang matatandang pinuno, ang mga opisyal, ang mga mandirigma ng Israel,

11ang inyong mga asawa at mga anak, at kahit ang mga dayuhang nagsisibak ng kahoy at nag-iigib ng tubig para sa inyo—

12upang manumpa sa pangalan ni Yahweh at makipagtipan sa kanya.

13Sa pamamagitan ng kasunduang ito, ipinapahayag niyang kayo ang kanyang bayan at siya ay inyong Diyos tulad ng kanyang ipinangako sa mga ninuno ninyong sina Abraham, Isaac at Jacob.

14At ang kasunduang ito'y hindi lamang para sa ating narito ngayon

15kundi pati sa mga magiging mga anak natin.

16“Hindi kaila sa inyo ang naging buhay natin sa Egipto, at sa mga bansang nadaanan natin sa paglalakbay.

17Nakita ninyo ang kasuklam-suklam nilang gawain, ang mga diyos nilang yari sa bato, kahoy, pilak at ginto.

18Mag-ingat nga kayo at baka sa inyo'y may isang lalaki, babae, sambahayan o angkang tumalikod kay Yahweh upang maglingkod sa diyus-diyosan ng mga bansang iyon. Baka sa inyo'y may lumitaw na isang taong katulad ng punongkahoy na mapait at nakakalason ang bunga.

19Baka kung marinig niya ang mga tuntunin ng kasunduang ito ay sabihin niya sa kanyang sariling hindi siya mapapahamak kahit sundin ang sariling kagustuhan. Ito ang magdadala ng kapahamakan sa lahat, mabuti man o masama.

20Hindi patatawarin ni Yahweh ang ganoong tao, sa halip ay magagalit siya sa taong iyon. Mangyayari sa kanya ang lahat ng sumpang nakasulat sa aklat ng kautusang ito hanggang sa lubusan siyang mapuksa ni Yahweh.

21Ihihiwalay siya ni Yahweh mula sa mga lipi ng Israel upang ibuhos sa kanya ang sumpang nakatala sa aklat na ito.

22“Makikita ng salinlahing susunod sa atin, at ng mga dayuhang mula sa malalayong bansa ang mabigat na parusa ni Yahweh.

23Makikita nila ang lupaing tinupok sa pamamagitan ng asupre at tinabunan ng asin. Kaya't kahit damo ay hindi tutubo roon, gaya ng nangyari sa Sodoma at Gomorra, Adma at Zeboim nang ibagsak niya rito ang kanyang matinding galit.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24At sasabihin ng lahat ng nakakita nito, ‘Bakit pinuksa ni Yahweh ang bansang ito? Bakit matindi ang naging galit niya sa kanila?’

25Ang isasagot ay, ‘Sapagkat tinalikuran nila ang kanilang kasunduan kay Yahweh, ang Diyos ng kanilang mga ninuno na siyang naglabas sa kanila sa Egipto.

26Sila'y naglingkod at sumamba sa mga diyus-diyosang hindi nila kilala at ipinagbabawal ni Yahweh sa kanila.

27Iyan ang dahilan kaya nagalit sa kanila si Yahweh at ibinagsak sa kanila ang mga sumpang nakasulat sa aklat na ito.

28At dahil sa matindi niyang galit, sila'y pinaalis ni Yahweh sa kanilang lupain at itinapon sa ibang lugar. Naroon sila ngayon.’

29“May mga bagay na sadyang inilihim ng Diyos nating si Yahweh. Ngunit ipinahayag ang kautusang ito upang sundin natin at ng ating mga anak magpakailanman.

## Deuteronomio 30

### Mga Kondisyon sa mga Pagpapala at Panunumbalik ng Bansa

1“Naipahayag ko na sa inyo ang mga pagpapala at ang mga sumpa; piliin ninyo kung alin ang gusto ninyo. Kapag nangyari na sa inyo ang mga ito at naninirahan na kayo sa mga bansang bumihag sa inyo, maaalala ninyo ang bagay na ito.

2Kapag kayo at ang mga anak ninyo ay manunumbalik kay Yahweh upang buong puso't kaluluwang sundin ang kanyang mga utos na aking binabanggit sa inyo ngayon,

3kahahabagan niya kayo at ibabalik sa magandang kalagayan. Titipunin niya kayong muli mula sa mga bansang pinagtapunan sa inyo at muli kayong pasasaganain.

4Kahit saang sulok ng daigdig kayo mapatapon, muli niya kayong titipunin

5at ibabalik sa lupain ng inyong mga ninuno upang muli ninyong angkinin iyon. Kayo'y higit niyang pararamihin at pasasaganain kaysa inyong mga ninuno.

6Babaguhin niya at lilinisin ang inyong puso at gayundin ng inyong mga anak upang ibigin ninyo siya nang buong katapatan. Sa ganoon mabubuhay kayo nang matagal.

7At ang mga sumpang ito'y ipapataw ni Yahweh sa inyong mga kaaway na nagpahirap sa inyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Muli ninyong papakinggan ang kanyang tinig at susundin ang kanyang mga utos na ibinibigay ko sa inyo ngayon.

9Pagpapalain niya ang lahat ng inyong gawain. Pararamihin niya ang inyong mga anak at mga hayop at pasasaganain ang ani ng inyong lupain. Muli siyang malulugod sa inyo at pagpapalain niya kayo, tulad ng ginawa niya sa inyong mga ninuno.

10Ngunit kailangang makinig kayo sa kanya at buong puso't kaluluwang sumunod sa kanyang mga utos.

11“Ang kautusang ibinibigay ko sa inyo ngayon ay hindi naman napakahirap sundin at unawain.

12Wala ito sa langit, kaya hindi na ninyo dapat itanong, ‘Sino ang aakyat sa langit para sa atin upang kunin ang kautusan upang marinig natin ito at maisagawa?’

13Wala rin ito sa ibayong-dagat kaya hindi ninyo dapat itanong, ‘Sino ang tatawid sa dagat para sa atin upang kunin ang kautusan upang marinig natin ito at maisagawa?’

14Napakalapit ng kautusan sa inyo, nasa inyong mga labi at nasa inyong mga puso. Kailangan lang ninyo itong tuparin.

15“Binibigyan ko kayo ngayon ng pagpipilian: buhay o kamatayan; kasaganaan o kahirapan;

16kapag sinunod ninyo ang mga utos na ibinibigay ko sa inyo ngayon mula kay Yahweh na inyong Diyos, at kung mahal ninyo siya at ginagawa ang kanyang kagustuhan, pagpapalain niya kayo sa lupaing ibibigay niya sa inyo. Bibigyan niya kayo ng mahabang buhay at gagawing isang malaking bansa.

17Ngunit kapag tumalikod kayo at ayaw nang makinig sa kanya, sa halip ay naglingkod sa ibang mga diyos,

18ngayon pa'y sinasabi ko sa inyong malilipol kayo. Hindi kayo magtatagal sa lupaing sasakupin ninyo sa ibayo ng Jordan.

19Saksi ko ang langit at ang lupa na ngayo'y inilahad ko sa inyo ang buhay o kamatayan, at ang pagpapala o sumpa. Kaya, piliin ninyo ang buhay para kayo at ang inyong lahi ay mabuhay nang matagal.

20Ibigin ninyo si Yahweh, sundin siya at manatiling tapat sa kanya upang kayo at ang inyong salinlahi ay mabuhay nang matagal sa lupaing ipinangako niya sa ninuno ninyong sina Abraham, Isaac at Jacob.”

## Deuteronomio 31

### Si Josue ang Kahalili ni Moises

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Nagpatuloy si Moises sa pagsasalita sa mga Israelita.

2Ang sabi niya, “Sandaa't dalawampung taon na ako ngayon at hindi ko na kayo kayang pamunuan. Bukod dito, sinabi sa akin ni Yahweh na hindi ako maaaring tumawid sa Jordan.

3Ang Diyos ninyong si Yahweh mismo ang mangunguna sa inyo. Pupuksain niya ang mga bansang daraanan ninyo upang mapasainyo ang lupain nila. Si Josue ang inyong magiging pinuno gaya ng sinabi ni Yahweh.

4Ang mga bansang iyon ay lilipulin ni Yahweh tulad ng ginawa niya sa mga haring Amoreo na sina Sihon at Og, at sa kani-kanilang kaharian.

5Sila'y ipapabihag ni Yahweh sa inyo at gagawin naman ninyo sa kanila ang sinabi ko sa inyo.

6Magpakatatag kayo at lakasan ninyo ang inyong loob. Huwag kayong matakot sa kanila sapagkat sasamahan kayo ni Yahweh na inyong Diyos. Hindi niya kayo iiwan ni pababayaan man.”

7Ipinatawag ni Moises si Josue at sa harapan ng sambayanan ng Israel ay sinabi ang ganito: “Magpakatatag ka at lakasan mo ang iyong loob sapagkat ikaw ang mangunguna sa bayang ito sa pagsakop sa lupaing ipinangako ni Yahweh sa kanilang mga ninuno.

8Si Yahweh ang mangunguna sa iyo. Sasamahan ka niya. Hindi ka niya bibiguin o pababayaan man, kaya't huwag kang matakot ni panghinaan ng loob.”

### Dapat Basahin ang Kautusan Tuwing Ikapitong Taon

9Isinulat ni Moises ang mga utos at ibinigay ito sa mga paring tagadala ng Kaban ng Tipan, at sa matatandang namumuno sa bayan.

10Sinabi niya, “Sa Pista ng mga Tolda tuwing katapusan ng ikapitong taon na siyang taon ng pagpapatawad ng utang,

11basahin ninyo ang kautusang ito sa harap ng buong Israel sa lugar na pipiliin ni Yahweh upang doo'y sambahin siya.

12Tipunin ninyong lahat ang mga lalaki, babae, bata, pati ang mga dayuhang kasama ninyo upang marinig nila ang kautusang ito. Sa ganoon, matututo silang matakot sa Diyos ninyong si Yahweh at sumunod sa kanyang mga utos.

13Pati ang inyong mga anak na hindi pa nakaaalam nito ay magkakaroon ng takot kay Yahweh habang sila'y nabubuhay sa lupaing titirhan ninyo sa ibayo ng Jordan.”

### Ang Huling Tagubilin ni Yahweh kay Moises

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Sinabi ni Yahweh kay Moises, “Malapit ka nang mamatay. Tawagin mo si Josue at pumunta kayo sa Toldang Tipanan upang bigyan siya ng mga bilin.” Gayon nga ang ginawa nila.

15Si Yahweh ay bumabâ sa Toldang Tipanan sa anyong haliging ulap at tumayo sa pintuan.

16Sinabi pa ni Yahweh kay Moises, “Nalalapit na ang iyong kamatayan. Kapag nangyari na ito, ang Israel ay magpapakasama at maglilingkod sa mga diyus-diyosan sa lupaing pupuntahan nila. Tatalikod sila sa akin at sisira sa aming kasunduan.

17Kung magkaganoon, magagalit ako sa kanila. Itatakwil ko sila't tatalikuran, at sila'y madaling mabibihag ng kaaway. Daranas sila ng mga kaguluhan at kapahamakan hanggang sa mapag-isip-isip nilang ito'y dahil sa akong Diyos nila ay hindi nila kasama.

18“Pababayaan ko sila dahil sa kasamaang ginawa nila, ang pagsamba nila sa mga diyus-diyosan.

19Kaya nga, isulat mo ang awiting ito at ituro sa bansang Israel upang maging tagapagpaalala sa kanila.

20Kapag nadala ko na sila sa lupaing mayaman at sagana sa lahat ng bagay, tulad ng aking pangako sa kanilang mga ninuno, mamumuhay na sila nang sagana at tiwasay. Ngunit sasamba sila at maglilingkod sa mga diyus-diyosan. Tatalikod sila sa akin at sisira sa aming kasunduan.

21Kung dumating na sa kanila ang matinding kahirapan at kaguluhan, ang awit na ito ang siyang susumbat sa kanila sapagkat matatanim ito sa isipan ng magiging lahi nila. Hindi ko pa sila nadadala sa lugar na ibibigay ko sa kanila ay alam ko na ang kanilang binabalak.”

22Nang araw ring iyon, sinulat niya ang isang awit at itinuro ito sa mga Israelita.

23Itinalaga ni Yahweh si Josue na anak ni Nun. Sinabi niya, “Magpakatatag at lakasan mo ang loob mo sapagkat ikaw ang mangunguna sa Israel sa pagpunta nila sa lupaing ipinangako ko sa kanila. Hindi kita pababayaan.”

24Matapos isulat ni Moises sa isang aklat ang buong kautusan,

25sinabi niya sa mga pari,

26“Dalhin ninyo ang aklat na ito at itabi sa Kaban ng Tipan upang maging babala sa inyo.

27Alam kong kayo'y mapaghimagsik at matigas ang ulo. Kung ngayong buháy pa ako ay lagi kayong naghihimagsik kay Yahweh, lalo na kung patay na ako.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

28 Pupulungin ko ang inyong matatanda at ang inyong mga pinuno. Ipapaliwanag ko sa kanila ang mga bagay na ito, at gagawin kong saksi ang langit at lupa laban sa kanila.

29 Sapagkat natitiyak kong kayo'y magpapakasama pagkamatay ko, lilihis kayo sa daang itinuro ko sa inyo. Darating ang araw na magagalit sa inyo si Yahweh dahil gagawin ninyo ang pinakaaayawan niya.”

**Ang Awit ni Moises**

30 Ito ang kabuuan ng awit na ipinarinig ni Moises sa mga Israelita:

## Deuteronomio 32

1 “Pakinggan mo, langit, ang aking sasabihin, unawain mo, lupa, ang aking bibigkasin.

2 Pumatak nawang gaya ng ulan ang aking ituturo, ang salita ko nawa'y tulad ng hamog na namumuo; upang halama'y diligan at damo'y tumubo.

3 Sapagkat si Yahweh ay aking pupurihin, ang kanyang pangalan ay inyong dakilain.

4 “Si Yahweh ang inyong batong tanggulan, mga gawa niya'y walang kapintasan, mga pasya niya'y pawang makatarungan; siya'y Diyos na tapat at makatuwiran.

5 Datapwat ang Israel sa kanya ay nagtaksil, di na karapat-dapat na mga anak ang turing, dahil sa pagkakasala nila at ugaling suwail.

6 O mga mangmang at hangal na tao, ganyan ba susuklian ang kabutihan sa inyo ni Yahweh na inyong ama at sa inyo'y lumikha, at nagtaguyod na kayo'y maging isang bansa?

7 “Alalahanin ninyo ang mga lumipas na panahon, ang mga salinlahi ng mga nagdaang taon; tanungin ninyo ang inyong ama at kanilang sasabihin, pati ang matatanda at kanilang sasaysayin.

8 Nang ipamahagi ng Kataas-taasang Diyos ang ipapamanang lupain, nang ang mga bansa'y kanyang hati-hatiin, mga hangganan nito'y kanyang itinakda ayon sa dami ng mga anak niya.

9 Pagkat ang lahi ni Jacob ay kanyang pinili, sila ang kanyang tagapagmanang lahi.

10 “Sa isang disyerto sila'y kanyang natagpuan, sa isang lupang tigang at walang naninirahan. Doon sila'y kanyang pinatnubayan, binantayan at doo'y inalagaan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Isang inahing agila, ang kanyang katulad, sila'y mga inakay na tinuruan niyang lumipad; upang ang Israel ay hindi bumagsak, sinasalo niya ng malalapad niyang pakpak.

12Si Yahweh lamang ang sa kanila'y pumatnubay, walang diyos na banyaga ang sa kanila'y dumamay.

13“Kanyang pinagtagumpay sila sa kaburulan, sila'y kumain ng mga ani sa kabukiran. Nakakuha sila ng pulot sa mga batuhan, nakahukay rin ng langis sa lupang tigang.

14Kanilang mga baka't kambing ay sagana sa gatas; pinakamainam ang kanilang kawan, trigo, at katas ng ubas.

15“Si Jacob na irog, tumaba't lumaki—katawa'y bumilog; ang Diyos na lumalang kanyang tinalikuran, at itinakwil ang batong tanggulan ng kanyang kaligtasan.

16Pinanibugho nila si Yahweh dahil sa mga diyus-diyosan. Poot niya'y pinag-alab sa pagsambang kasuklam-suklam.

17Naghain sila ng handog sa mga demonyo, sa mga diyus-diyosang hindi nila alam kung ano; ngayon lamang dumating mga diyos na bago, na hindi sinamba ng kanilang mga lolo.

18Iniwan ninyo ang batong tanggulan na sa inyo'y nagdalang-tao, kinalimutan ninyo ang Diyos na tunay na sa inyo ay nagbigay-buhay.

19“Nang makita ni Yahweh ang ginawa nilang ito, napuspos siya ng galit, poot niya'y nag-alimpuyo laban sa mga anak na inari niyang totoo.

20‘Kaya't ako'y lalayo,’ ang sabi niya, ‘Kanilang mga dalangin di na diringgin pa, tingnan ko lang ang kanilang sasapitin— isang lahing suwail, mga anak na taksil.

21Pinanibugho nila ako sa mga diyos na hindi totoo, sa pagsamba sa kanila'y ginalit nila ako, kaya't bayang hangal kahit hindi akin ay siyang gagamitin, upang aking bayan galitin at panibughuin.

22Galit ko'y bubuga ng nag-aalab na poot, maglalagablab hanggang sa kalaliman ng daigdig ng mga patay. Lupa't bunga nito apoy ang tutupok, sa mga saligan ng bundok siya ang susunog.’

23“‘Tatambakan ko sila ng labis na paghihirap, pauulanan ko sila ng aking mga sibat.

24Padadalhan ko sila ng nakakalunos na salot, matinding lagnat at gutom ang aking idudulot. Mababangis na hayop aking pasasalakayin, makamandag na ahas sila'y tutuklawin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Sa mga lansanga'y magkakaroon ng mga patayan, sindak at takot naman sa mga tahanan; binata't dalaga'y kapwa pupuksain, maging pasusuhing sanggol at matatandang ubanin.

26Naisip ko na sana'y sila ang lipulin, sa alaala ng madla sila ay pawiin.

27Subalit ayaw kong mangyari na ang mga kaaway ay pahambog na magsabi: Kami ang lumupig sa kanila, ngunit akong si Yahweh ang talagang sa kanila'y nagparusa.'

28"Sila'y isang bansang salat sa katuwiran, isang bayang wala ni pang-unawa man.

29Kung sila'y matalino, naunawaan sana nila nangyaring pagkatalo. Kung bakit sila nagapi, sasabihin nila ito:

30Paano matutugis ng isa ang sanlibo? O ang sampung libo ng dalawa katao? Sila'y pinabayaan ng kanilang batong tanggulan na sa kanila'y nagtakwil at nang-iwan.

31Tunay ngang tanggulan nila'y hindi tulad ng sa atin; maging ating mga kaaway ito rin ang sasabihin.

32Sila ay sanga ng ubasan ng Sodoma, mga nagmula sa taniman ng Gomorra; mga ubas nila'y tunay na lason at mapakla.

33Ang alak na dito'y kinakatas, ay gaya ng mabagsik na kamandag ng ahas.

34"Hindi ba't iniingatan ko ito sa aking kaban, natatakpang mahigpit sa aking taguan?

35Akin ang paghihiganti, ako ang magpaparusa; kanilang pagbagsak ay nalalapit na. Araw ng kapahamakan sa kanila'y darating, lubos na pagkawasak ay malapit ng sapitin.

36Bibigyan ng katarungan ni Yahweh ang kanyang bayan, mga lingkod niyang hirang kanyang kahahabagan. Kapag nakita niyang sila'y nanghihina, at lakas nila'y unti-unting nawawala.

37Pagkatapos itatanong ng Diyos sa kanyang bayan, 'Nasaan ngayon ang inyong mga diyos, tanggulang inyong pinagkatiwalaan?

38Sinong umubos sa taba ng inyong handog, at sino ang uminom ng alak ninyong kaloob? Bakit hindi ninyo sila tawagin at tulong ay hingin? Hindi ba nila kayo kayang sagipin?

39"'Alamin ninyong ako ang Diyos—Oo, ako lamang. Maliban sa akin ay wala nang iba pa. Ako'y pumapatay at nagbibigay-buhay, ako'y sumusugat at nagpapagaling din naman. Wala nang makakapigil, anuman ang aking gawin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

40 Isinusumpa ko ito sa harap ng kalangitan, habang ako'y nabubuhay, Diyos na walang hanggan.

41 Hahasain ko ang aking tabak na makinang upang igawad ang aking katarungan. Mga kaaway ko'y aking paghihigantihan, at sisingilin ko ang sa aki'y nasusuklam.

42 Sa aking mga palaso dugo nila'y dadanak, laman nila'y lalamunin nitong aking tabak; hindi ko igagalang sinumang lumaban, tiyak na mamamatay bilanggo ma't sugatan!'

43 "Mga bansa, bayan ni Yahweh'y inyong papurihan, mga pumapatay sa kanila'y kanyang pinaparusahan. Ang kanilang mga kaaway kanyang ginagantihan, at pinapatawad ang kasalanan ng kanyang bayan."

44 Ito nga ang inawit nina Moises at Josue sa harapan ng mga Israelita.

45 Pagkatapos bigkasin ni Moises ang lahat ng ito sa harap ng buong bayan ng Israel,

46 sinabi niya, "Itanim ninyo sa isip ang mga salitang narinig ninyo sa akin ngayon. Ituro ninyo sa inyong mga anak, upang masunod nilang mabuti ang buong kautusan.

47 Mahalaga ang mga salitang ito sapagkat dito nakasalalay ang inyong buhay. Kung susundin ninyong mabuti, mabubuhay kayo nang matagal sa lupaing sasakupin ninyo sa kabila ng Jordan."

### Ipinatanaw kay Moises ang Canaan

48 Nang araw ring iyon, sinabi ni Yahweh kay Moises,

49 "Umakyat ka sa Abarim, sa Bundok ng Nebo na sakop ng Moab, sa tapat ng Jerico, at tanawin mo ang Canaan, ang lupaing ibibigay ko sa mga Israelita.

50 Doon ka mamamatay sa bundok na iyon tulad ng nangyari kay Aaron sa Bundok ng Hor,

51 sapagkat sinuway ninyo ako sa harapan ng bayang Israel noong sila'y nasa tabi ng tubig sa Meriba-kades sa ilang ng Zin. Hindi ninyo pinakita sa mga Israelita na ako ay banal.

52 Matatanaw mo ang lupaing ibibigay ko sa bayang Israel ngunit hindi mo ito mararating."

## Deuteronomio 33

### Binasbasan ni Moises ang mga Lipi ng Israel

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1 Ito ang mga pagpapalang binigkas ni Moises na lingkod ng Diyos, bago siya namatay.

2 “Dumating si Yahweh mula sa Bundok Sinai. Sumikat sa Edom na parang araw, at sa bayan niya'y nagpakita sa Bundok Paran. Sampung libong anghel ang kanyang kasama, nagliliyab na apoy ang nasa kanang kamay niya.

3 Minamahal ni Yahweh ang kanyang bayan at iniingatan ang kanyang hinirang. Kaya't yumuyukod kami sa kanyang paanan, at sinusunod ang kanyang kautusan.

4 Binigyan kami ni Moises ng kautusan, na siyang yaman ng aming bayan.

5 Naging hari si Yahweh ng Israel na kanyang bayang hirang, nang ang mga pinuno ng mga lipi nito ay nagkakabuklod.

6 “Ang lipi ni Ruben sana'y manatili, kahit ang bilang niya'y kakaunti.”

7 Tungkol kay Juda ay ganito ang sinabi: “Dinggin mo, Yahweh, ang daing nitong Juda, ibalik mo siya sa piling ng kanyang bayan, at tulungan siya sa pakikipaglaban.”

8 Tungkol kay Levi ay kanyang sinabi: “Ang Tumim ay kay Levi, ang Urim ay sa tapat mong alipin; sa kanya na iyong sinubok sa Masah at sa may tubig ng Meriba.

9 Higit ka niyang pinahahalagahan kaysa kanyang mga magulang, pati anak at kapatid ay hindi isinaalang-alang. Upang masunod lang ang iyong kautusan, at maging tapat sa iyong kasunduan.

10 Kaya't siya ang magtuturo sa Israel ng iyong kautusan, siya ang magsusunog ng insenso at mga alay sa altar.

11 Palakasin mo nawa, Yahweh, ang kanyang angkan, paglilingkod niya'y iyong pahalagahan. Durugin mong lahat ang kanyang kaaway, upang di na makabangon kailanman.”

12 Tungkol naman kay Benjamin, ganito ang sinabi: “Mahal ka ni Yahweh at iniingatan, sa buong maghapon ika'y binabantayan, at sa kanyang mga balikat ika'y mananahan.”

13 Tungkol kay Jose ay sinabi: “Pagpalain nawa ni Yahweh ang kanilang lupain, sa hamog at ulan ay palaging diligin, at tubig mula sa lupa ay pabukalin.

14 Magkaroon nawa siya ng mga bungang hinog araw-araw, at mga pagkaing inani sa kapanahunan.

15 Mapupuno ng prutas maging matandang kabundukan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16 Ang lupain niya'y sasagana sa lahat ng kabutihan, mula kay Yahweh na nagsalita mula sa nag-aapoy na halaman. Tamasahin nawa ng lipi ni Jose ang mga pagpapalang ito, sapagkat sa ibang lipi'y siya ang namuno.

17 Ang panganay niya ay magiging makapangyarihan; parang lakas ng toro ang kanyang taglay. Ang mga bansa'y sama-samang itataboy hanggang dulo ng daigdig. Ganyan ang kapangyarihan ng laksa-laksang kawal ni Efraim, sa ganyan matutulad libu-libong kawal ni Manases."

18 Tungkol kina Zebulun at Isacar ay sinabi: "Magtagumpay nawa si Zebulun sa pangangalakal sa karagatan, at sa bayan ni Isacar ay dumami ang kayamanan.

19 Ang ibang mga bansa ay dadalo sa paghahandog ninyo doon sa bundok, pagkat ang yaman nila'y buhat sa dagat at sa buhanginan sa baybay nito."

20 Tungkol kay Gad ay sinabi: "Purihin ang Diyos na nagpalawak ng lupain ni Gad. Si Gad ay parang leon na nag-aabang at handang sumakmal ng leeg o kamay.

21 Pinili nila ang pinakamainam na lupain, lupaing nababagay sa isang pangunahin. Sumama siya sa mga pinuno ng Israel upang mga utos ni Yahweh ay kanilang tuparin."

22 Tungkol kay Dan ay sinabi: "Isang batang leon ang katulad ni Dan, na palukso-lukso mula sa Bashan."

23 Tungkol kay Neftali ay sinabi: "Lubos na pinagpala ni Yahweh itong si Neftali, mula sa lawa hanggang timog ang kanilang kaparte."

24 Tungkol kay Asher ay sinabi: "Higit na pinagpala kaysa ibang lipi itong si Asher, kagiliwan sana siya ng mga anak ni Israel. Sumagana sa langis olibo ang kanyang lupain.

25 Bakal at tanso sana ang pintuan ng iyong mga bayan. Maging mahaba at matatag nawa ang iyong pamumuhay."

26 Ang iyong Diyos, O Israel, ay walang kagaya, mula sa langit dumarating upang tulungan ka.

27 Sa mula't mula pa'y ang Diyos na ang inyong tanggulan, walang hanggan niyang bisig ang inyong kanlungan. Mga kaaway ninyo'y kanyang ipinagtabuyan, at inutusan kayong sila'y lipuling lubusan.

28 Kaya ang bayang Israel ay nanirahang tiwasay, sa lupaing sagana sa lahat ng bagay, at laging dinidilig ng hamog sa kalangitan.

29 Bansang Israel, ikaw ay mapalad! Walang bansa na iyong katulad, pagkat si Yahweh ang sa iyo'y nagligtas. Siya ang kalasag ng iyong kaligtasan, at

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

tabak ng iyong tagumpay. Magmamakaawa ang iyong mga kaaway, ngunit sila'y iyong tatapakan.

## Deuteronomio 34

### Ang Kamatayan ni Moises

1Umahon si Moises mula sa kapatagan ng Moab patungo sa Bundok ng Nebo, sa taluktok ng Pisga, sa gawing silangan ng Jerico. Ipinakita sa kanya roon ni Yahweh ang buong lupain. Mula sa Gilead hanggang Dan,

2ang buong Neftali, ang lupain ng Efraim at Manases, ang buong lupain ng Juda hanggang sa Dagat ng Mediteraneo,

3ang katimugan at ang kapatagan, samakatuwid ay ang libis ng Jerico, ang lunsod ng mga palmera, hanggang Zoar.

4Sinabi sa kanya ni Yahweh, "Iyan ang lupain na aking ipinangako sa iyong mga ninunong sina Abraham, Isaac at Jacob. Sinabi ko sa kanilang ibibigay ko ito sa kanilang lahi. Ipinakita ko ito sa iyo ngunit hindi mo mararating."

5At si Moises na lingkod ni Yahweh ay namatay sa lupain ng Moab, tulad ng sinabi ni Yahweh.

6Inilibing siya ni Yahweh sa isang libis sa Moab sa tapat ng Beth-peor, ngunit hanggang ngayo'y walang nakakaalam ng tiyak na lugar.

7Siya'y sandaa't dalawampung taóng gulang nang mamatay. Hindi lumabo ang kanyang paningin at hindi rin nanghina ang kanyang pangangatawan.

8Tatlumpung araw siyang ipinagluksa ng Israel sa kapatagan ng Moab.

9Si Josue na anak ni Nun ay napuno ng karunungan sa pamamahala sapagkat ipinatong sa kanya ni Moises ang kanyang mga kamay. Sumunod sa kanya ang mga Israelita at ginawa nila ang lahat ng utos na ibinigay ni Yahweh sa pamamagitan ni Moises.

10Mula noon ay wala nang lumitaw sa Israel na propetang katulad ni Moises na nakipag-usap nang harap-harapan kay Yahweh.

11Wala na ring nakagawa ng mga kababalaghang tulad ng ipinagawa sa kanya ni Yahweh sa Egipto, sa harapan ng Faraon at ng mga lingkod nito.

12Walang ibang nakagawa ng makapangyarihan at pambihirang mga gawa tulad ng ginawa ni Moises sa harapan ng bayang Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Josue

## Josue 1

### Paghahanda sa Pananakop

1 Pagkamatay ni Moises na lingkod ni Yahweh, sinabi ni Yahweh kay Josue na anak ni Nun at lingkod ni Moises,

2 “Patay na ang lingkod kong si Moises. Ngayo'y humanda ka at ang buong Israel, at tumawid kayo sa Ilog Jordan, patungo sa lupaing ibinibigay ko sa kanila.

3 Gaya ng aking sinabi kay Moises, ibinigay ko na sa inyo ang lahat ng lupaing inyong mararating.

4 Ito ang magiging hangganan ninyo: sa hilaga ay ang kabundukan ng Lebanon; sa timog ay ang disyerto; sa silangan, ang malaking Ilog Eufrates; at sa kanluran, mula sa lupain ng mga Heteo hanggang sa Dagat Mediteraneo.

5 Walang makakagapi sa iyo habang ikaw ay nabubuhay. Sasamahan kita gaya ng pagpatnubay ko kay Moises. Hindi kita iiwan ni hindi pababayaan man.

6 Magpakatatag ka at lakasan mo ang iyong loob sapagkat ikaw ang mamumuno sa bayang ito sa pagsakop nila sa lupaing ibibigay ko sa kanila, ayon sa aking pangako sa inyong mga ninuno.

7 Basta't magpakatatag ka at lakasan mo ang iyong loob. Sundin mong mabuti ang buong Kautusang ibinigay sa inyo ni Moises. Huwag kang susuway sa anumang nakasaad doon, at magtatagumpay ka saan ka man magpunta.

8 Huwag mong kaligtaang basahin ang aklat ng kautusan. Pagbulay-bulayan mo iyon araw at gabi upang matupad mo ang lahat ng nakasaad doon. Sa ganoon, magiging masagana at matagumpay ang iyong pamumuhay.

9 Tandaan mo ang bilin ko: Magpakatatag ka at lakasan mo ang iyong loob. Huwag kang matatakot o mawawalan ng pag-asa sapagkat akong si Yahweh, na iyong Diyos, ay kasama mo saan ka man magpunta.”

10 Kaya't ipinag-utos ni Josue sa mga pinuno ng bayan,

11 “Libutin ninyo ang buong kampo at paghandain ng pagkain ang mga tao. Sa ikatlong araw, tatawid tayo ng Ilog Jordan upang sakupin ang lupaing ibinibigay sa atin ni Yahweh na ating Diyos.”

12 Sinabi naman ni Josue sa mga lipi nina Ruben, Gad at sa kalahating lipi ni Manases,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13“Alalahanin ninyo ang sinabi sa inyo ni Moises na lingkod ni Yahweh: ‘Ibibigay sa inyo ni Yahweh na inyong Diyos ang lupaing ito upang dito kayo manirahan.’

14Ang inyong mga asawa, mga anak at mga kawan ay maiiwan sa lupaing ibinigay sa inyo ni Moises sa silangan ng Jordan. Ngunit ang inyong mga mandirigma ay tatawid at mauuna sa iba pa ninyong mga kapatid upang tumulong sa kanila sa pakikidigma.

15Kapag nasakop na rin nila ang mga lupaing ibinigay sa kanila ni Yahweh, maaari na kayong bumalik at manirahan dito sa lupaing ibinigay sa inyo ni Moises na lingkod ng Diyos.”

16Sumagot sila kay Josue, “Gagawin namin ang lahat ng sinabi mo, at pupunta kami saan mo man kami gustong papuntahin.

17Kung paanong sinunod namin si Moises, susundin ka rin namin nang gayon. Samahan ka nawa ni Yahweh, tulad ng ginawa niya kay Moises.

18Ang sinumang tututol o susuway sa utos mo ay dapat patayin. Kaya't magpakatatag ka at lakasan mo ang iyong loob.”

## Josue 2

### Nagpadala ng mga Espiya sa Jerico

1Buhat sa kampo ng Sitim, si Josue na anak ni Nun ay nagpadala ng dalawang espiya. Sila'y pinagbilinan niya ng ganito: “Pumunta kayo sa lupain ng Canaan, manmanan ninyo ito, lalung-lalo na ang lunsod ng Jerico.” Pumunta nga sila roon at tumuloy sa bahay ni Rahab, isang babaing nagbebenta ng panandaliang-aliw at doon sila nagpalipas ng gabi.

2Nakaabot sa kaalaman ng hari ng Jerico ang balita na may mga espiyang Israelita na nakapasok sa bayan nang gabing iyon.

3Kaya't ang hari ay nagpadala ng sugo kay Rahab at ipinasabi, “Ilabas mo ang mga lalaking nasa bahay mo. Naparito ang mga iyan upang lihim na magsiyasat sa ating lupain.”

4Ngunit itinago ni Rahab ang dalawa, at pagkatapos ay ganito ang isinagot, “Mayroon nga pong mga lalaking nakituloy sa amin, ngunit hindi ko po alam kung tagasaan sila.

5Umalis po sila nang isasara na ang pintuan ng lunsod bago kumagat ang dilim. Hindi ko po natanong kung saan sila papunta, ngunit kung hahabulin ninyo agad ay aabutan pa ninyo.”

6Sa itaas ng bubong niya pinatago ang dalawang espiya, at tinabunan ng mga tangkay ng lino na isinalansan niya roon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Hinabol nga ng mga tauhan ng hari ang dalawang espiya hanggang sa tawiran ng Ilog Jordan. Pagkalabas ng mga humahabol, isinara ang pinto ng lunsod.

8Bago natulog ang mga espiya, umakyat si Rahab sa bubong

9at sinabi sa kanila, “Alam kong ibinigay na sa inyo ni Yahweh ang lupaing ito, at ang mga tagarito'y takot na takot sa inyo.

10Nabalitaan namin kung paanong pinatuyo ni Yahweh ang Dagat na Pula nang kayo'y tumawid galing sa Egipto. Nalaman din namin na pinatay ninyo sina Sihon at Og, mga hari ng mga Amoreo sa silangan ng Jordan, at nilipol ang kanilang mga hukbo.

11Kinilabutan kami nang marinig ang mga balitang iyon. Natakot kaming humarap sa inyo, sapagkat si Yahweh na inyong Diyos ay Diyos ng langit at ng lupa.

12Kaya ngayo'y ipangako ninyo sa ngalan ni Yahweh na hindi ninyo gagawan ng masama ang aking sambahayan alang-alang sa pagtulong kong ito sa inyo. Bigyan ninyo ako ng isang katibayang

13ililigtas nga ninyo ang aking ama't ina, ang aking mga kapatid at ang kanilang mga pamilya; katibayang hindi ninyo kami hahayaang mapatay.”

14Sinabi sa kanya ng mga espiya, “Ang buhay namin ang garantiya sa buhay ninyo. Huwag mo lang ipagsasabi ang pakay namin dito, ipinapangako naming walang masamang mangyayari sa inyo kapag ibinigay na sa amin ni Yahweh ang lupaing ito.”

15Nakakabit sa pader ng lunsod ang bahay ni Rahab, kaya't buhat sa kanyang bintana'y inihugos niya sa labas ng lunsod ang dalawang espiya.

16Ngunit bago sila umalis, sila'y pinagbilinan niya ng ganito: “Pumunta muna kayo sa kaburulan at magtago kayo roon ng tatlong araw upang hindi kayo makita ng mga tauhan ng hari. Kapag nakabalik na sila sa lunsod, saka na kayo lumakad.”

17Sinabi naman sa kanya ng dalawa, “Tutuparin namin ang aming pangako alang-alang sa iyo.

18Kailangang gawin mo ito: Pagbalik namin para sakupin ang inyong lunsod, ilawit mo ang pulang lubid na ito sa bintanang aming bababaan. Tipunin mo sa iyong bahay ang iyong ama't ina, ang iyong mga kapatid at ang buong angkan ng iyong ama.

19Hindi kami mananagot kung may lumabas ng bahay at mapatay, ngunit pananagutan namin kapag may nasaktan sa sinumang nasa loob ng bahay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Subalit kapag ipinagsabi mo itong ating pinag-usapan, huwag mo nang asahan ang pangako namin sa iyo."

[21]Pumayag ang babae at pagkatapos ay pinaalis na ang mga espiya. Pagkatapos, itinali niya sa labas ng bintana ang lubid na pula.

[22]Pumunta nga ang mga espiya sa kaburulan at tatlong araw na nagtago roon habang pinaghahanap sila ng mga tauhan ng hari. Pagkatapos, bumalik na ang mga ito sa lunsod nang hindi nila makita ang mga espiya.

[23]Bumabâ naman mula sa kaburulan ang mga espiya, tumawid ng ilog at nagbalik kay Josue. Iniulat nila kay Josue ang buong pangyayari.

[24]"Ibinigay na sa atin ni Yahweh ang lupaing iyon," ang sabi nila. "Mabanggit lamang ang pangalan nati'y nangangatog na sa takot ang mga tagaroon."

## Josue 3

### Tumawid ng Ilog Jordan ang mga Israelita

[1]Maagang-maaga pa'y gumising na si Josue at ang buong Israel. Umalis sila sa Sitim patungong Ilog Jordan, at nagkampo sila sa pampang nito bago tumawid.

### Paghahanda sa Pagtawid

[2]Pagkalipas ng tatlong araw, naglibot sa kampo ang mga pinuno

[3]at sinabi sa mga tao, "Kapag nakita ninyong dala ng mga paring Levita ang Kaban ng Tipan ng Diyos ninyong si Yahweh, lumakad na kayo at sumunod doon.

[4]Sa kanila ninyo malalaman kung saan kayo daraan, sapagkat hindi pa kayo nakakarating dito kahit minsan. Ngunit huwag kayong masyadong lalapit sa Kaban ng Tipan; paunahin ninyo ito nang mga 900 metro."

[5]Sinabi naman ni Josue sa mga tao, "Linisin ninyo ang inyong mga sarili sapagkat bukas ay masasaksihan ninyo ang mga himalang gagawin ni Yahweh."

[6]Pagkatapos ay inutusan niya ang mga paring Levita, "Buhatin na ninyo ang Kaban ng Tipan at mauna kayo sa mga taong-bayan." At iyon nga ang ginawa nila.

[7]Sinabi ni Yahweh kay Josue, "Sa araw na ito'y gagawin kitang dakila sa paningin ng buong Israel. Sa gagawin ko'y mababatid nilang pinapatnubayan kita, tulad ng ginawa ko kay Moises.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8 Sabihin mo sa mga paring Levita na magdadala ng Kaban ng Tipan na magtuloy na sila sa Ilog Jordan, ngunit pagdating nila sa tubig sa pampang nito ay huminto muna sila.”

9-10 At tinawag ni Josue ang mga tao at sinabi sa kanila, “Halikayo at pakinggan ninyo ang ipinapasabi ni Yahweh na inyong Diyos. Dito ninyo malalaman na kasama ninyo ang Diyos na buháy. Pagdating ninyo roon, lilipulin niya ang mga Cananeo, ang mga Heteo, ang mga Hivita, ang mga Perezeo, ang mga Gergeseo, ang mga Amoreo, at ang mga Jebuseo.

11 Ang Kaban ng Tipan ng Panginoon ng buong mundo ay mauunang itatawid ng Ilog Jordan.

12 Pumili kayo ng labindalawang lalaki, isa sa bawat lipi ng Israel.

13 Kapag tumuntong na sa tubig ang mga paring may dala ng Kaban ng Tipan ni Yahweh, ang Panginoon ng buong mundo, titigil ng pag-agos ang Ilog Jordan. Ang tubig ay matitipon sa isang lugar.”

### Ang Pagtawid

14 Sa pangunguna ng mga paring may dala ng Kaban ng Tipan, umalis ng kampo ang bayang Israel upang tumawid sa ilog.

15 Malaki ang tubig ng Jordan sa panahon ng tag-ani. Nang sumapit sa Ilog Jordan ang mga paring may dala ng Kaban ng Tipan,

16 tumigil ang pag-agos ng tubig, at ang tubig ay natipon sa tapat ng bayan ng Adam, lunsod na nasa tabi ng Zaretan. Samantala, ang agos na pababa sa Dagat na Patay, sa Araba, ay nagpatuloy hanggang sa natuyo ang ilog at nakatawid ang mga Israelita. Malapit sa Jerico ang kanilang tinawiran.

17 Nanatili sa gitna ng natuyong ilog ang mga paring may dala ng Kaban ng Tipan, hanggang sa makatawid sa kabilang pampang ang buong sambayanang Israel.

## Josue 4

### Bantayog sa Gitna ng Ilog

1 Nang makatawid na sa Ilog Jordan ang buong sambayanan, sinabi ni Yahweh kay Josue,

2 “Pumili ka ng labindalawang lalaki, isa sa bawat lipi.

3 Pakuhanin mo sila ng tig-iisang bato sa gitna ng Jordan, sa mismong kinatayuan ng mga pari. Ipadala mo sa kanila ang mga bato at ilagay sa pagkakampuhan ninyo ngayong gabi.”

4 Tinawag nga ni Josue ang labindalawang lalaking pinili niya,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5at sinabi sa kanila, "Mauna kayo sa Kaban ng Tipan ni Yahweh. Pagdating ninyo sa gitna ng Ilog Jordan, kumuha kayo ng tig-iisang bato, pasanin ninyo ang mga ito, isa para sa bawat lipi ng Israel.

6Ang mga batong ito ang magpapaalaala sa bayang Israel sa mga ginawa ni Yahweh. Kung sa panahong darating ay itanong ng inyong mga anak kung ano ang kahulugan ng mga batong iyan,

7sabihin ninyong tumigil ang pag-agos ng Ilog Jordan nang itawid ang Kaban ng Tipan ni Yahweh. Ang mga batong ito ang magpapaalaala sa Israel ng mga pangyayaring ito habang panahon."

8Ginawa nga ng labindalawa ang iniutos sa kanila ni Josue. Tulad ng sinabi ni Yahweh kay Josue, kumuha sila ng labindalawang bato sa gitna ng ilog, isa para sa bawat lipi ng Israel. Dinala nila ang mga bato sa kanilang pinagkampuhan.

9Naglagay rin si Josue ng labindalawang bato sa gitna ng Ilog Jordan, sa lugar na kinatayuan ng mga paring may dala ng Kaban ng Tipan. (Naroon pa hanggang ngayon ang mga batong iyon.)

10Nanatili sa gitna ng Ilog Jordan ang mga pari hanggang sa maisagawa ng mga tao ang lahat ng mga iniutos ni Yahweh kay Josue upang kanilang gawin. Natupad ang lahat ayon sa iniutos ni Moises kay Josue. Nagmamadaling tumawid ang mga tao.

11Pagkatawid nila, itinawid din ang Kaban ng Tipan, at ang mga pari'y muling nauna sa mga taong-bayan.

12Tumawid din at nanguna sa bayan ang mga lalaking sandatahan buhat sa lipi nina Ruben, Gad at kalahati ng lipi ni Manases ayon sa iniutos ni Moises.

13May apatnapung libong mandirigma ang dumaan sa harapan ng kaban ni Yahweh patungo sa kapatagan ng Jerico.

14Sa araw na iyon, ginawang dakila ni Yahweh si Josue sa paningin ng buong Israel. At siya'y iginalang nila habang siya'y nabubuhay, tulad ng ginawa nila kay Moises.

15Iniutos ni Yahweh kay Josue,

16"Sabihin mo sa mga paring may dala ng Kaban ng Tipan na umahon na sila sa Jordan."

17Ganoon nga ang ginawa ni Josue.

18Nang makaahon ang mga paring may dala ng Kaban ng Tipan, muling umagos ang ilog at umapaw sa pampang ang tubig.

19Ika-10 araw ng unang buwan ng taon nang tumawid ng Ilog Jordan ang bayang Israel. Nagkampo sila sa Gilgal na nasa silangan ng Jerico.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Doon inilagay ni Josue ang labindalawang bato na ipinakuha niya sa Jordan.

[21]Pagkatapos, sinabi niya sa bayang Israel, "Kapag itinanong sa inyo ng inyong mga anak kung ano ang kahulugan ng mga batong iyan,

[22]sabihin ninyo sa kanila na lumakad sa tuyong lupa ang bayang Israel nang tumawid sa Ilog Jordan.

[23]Sabihin din ninyo na pinatuyo ni Yahweh ang tubig ng Jordan habang kayo'y tumatawid, tulad ng ginawa niya sa Dagat na Pula habang kami'y tumatawid noon.

[24]Sa ganitong paraan, kikilalanin ng lahat ng tao sa daigdig ang kapangyarihan ni Yahweh, at pararangalan ninyo ang Diyos ninyong si Yahweh sa habang panahon."

## Josue 5

### Ang Pagtutuli at ang Pagdiriwang ng Paskwa sa Gilgal

[1]Nabalitaan ng mga haring Amoreo na nasa kanluran ng Jordan at ng mga haring Cananeo na nasa baybayin ng Dagat Mediteraneo na pinatuyo ni Yahweh ang Ilog Jordan nang tumawid ang bayang Israel. Dahil dito'y natakot silang lahat, at nasiraan sila ng loob sa pagdating ng mga Israelita.

[2]Sinabi ni Yahweh kay Josue, "Kumuha ka ng batong matalim, gawin mong panghiwa, at tuliin mo ang mga kalalakihan ng Israel."

[3]Gayon nga ang ginawa ni Josue, tinuli niya ang mga lalaki sa isang lugar na tinatawag na Burol ng Pagtutuli.

[4]Ginawa niya ito sapagkat namatay na ang lahat ng mga lalaking may sapat na gulang upang makipagdigma sa panahon ng paglalakbay noong sila'y umalis sa Egipto.

[5]Ang mga iyon ay pawang tuli na, ngunit ang mga isinilang sa panahon ng paglalakbay sa ilang ay hindi pa.

[6]Apatnapung taon nang naglakbay sa ilang ang bayang Israel hanggang sa namatay lahat ang mga lalaking may sapat na gulang upang makipagdigma nang sila'y umalis sa Egipto. Sinuway nila si Yahweh, kaya sinabi niya sa kanila na hindi nila makikita ang mayaman at masaganang lupain na ipinangako niya sa kanilang mga ninuno.

[7]Ang kanilang mga anak na lalaki na humalili sa kanila ang tinuli ni Josue, sapagkat ang mga ito'y hindi tinuli nang panahon ng paglalakbay.

[8]Matapos tuliin ang lahat ng kalalakihan, nanatili sa kampo ang buong bayan hanggang sa gumaling ang mga sugat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9At sinabi ni Yahweh kay Josue, "Inalis ko ngayon ang kahihiyan ng pagkaalipin ninyo sa Egipto." Kaya't ang lugar na iyon ay tinawag na Gilgal magpahanggang ngayon.

10Samantalang ang mga Israelita ay nasa Gilgal sa kapatagan ng Jerico, ipinagdiwang nila ang Paskwa noong kinagabihan ng ikalabing apat na araw ng unang buwan.

11Kinaumagahan, araw pa rin ng Paskwa, kumain sila ng mga pagkaing inani nila sa lupaing iyon: sinangag na trigo at tinapay na walang pampaalsa.

12Hindi na muling umulan pa ng manna nang makakain na sila ng mga inani nila sa lupain ng Canaan. Kaya't mula nang taóng iyon, pagkaing inaani na sa Canaan ang kanilang kinakain.

### Si Josue at ang Pinuno ng Hukbo ni Yahweh

13Minsa'y napadako si Josue malapit sa Jerico, nang biglang nagpakita sa kanya ang isang lalaking may hawak na tabak. Nilapitan ito ni Josue at tinanong, "Ikaw ba'y isang kakampi, o isang kaaway?"

14"Hindi," sagot ng lalaki. "Ako'y naparito bilang pinuno ng hukbo ni Yahweh." Nagpatirapa si Josue at sumamba. Sinabi niya, "Ano po ang ipinag-uutos ni Yahweh sa kanyang alipin?"

15Sumagot ang pinuno ng hukbo ni Yahweh, "Alisin mo ang iyong mga sandalyas sapagkat lupang banal ang iyong tinutuntungan." At ginawa nga ni Josue ang iniutos sa kanya.

## Josue 6

### Ang Pagbagsak ng Jerico

1Isinara ang mga pintuan ng Jerico upang huwag makapasok ang mga Israelita. Ipinagbawal na lumabas o pumasok ang sinuman.

2Sinabi ni Yahweh kay Josue, "Pakinggan mo ito! Ibinigay ko na sa iyong mga kamay ang Jerico, upang sakupin ito at gapiin ang kanyang hari at magigiting na kawal.

3Ikaw at ang iyong mga kawal ay liligid sa palibot ng Jerico minsan isang araw sa loob ng anim na araw.

4Pauunahin mo sa Kaban ng Tipan ang pitong paring may dalang mga trumpeta na yari sa sungay. Sa ikapitong araw, pitong beses kayong liligid sa lunsod, at hihipan ng mga pari ang dala nilang trumpeta.

5Pagkarinig ninyo ng isang malakas at mahabang tunog ng tambuli, lahat kayo'y ubod-lakas na sisigaw. Sa sandaling iyon, babagsak ang mga pader ng lunsod at walang sagabal na makakapasok doon ang lahat."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Kaya't tinawag ni Josue ang mga pari ng Israel at sinabi sa kanila, “Dalhin ninyo ang Kaban ng Tipan ni Yahweh; mauuna ang pitong paring may dalang mga trumpeta.”

7At sinabi naman niya sa mga taong-bayan, “Lumakad na kayo! Lumigid kayo sa lunsod, at paunahin ninyo sa Kaban ng Tipan ni Yahweh ang mga sandatahang lalaki.”

8Tulad ng sinabi ni Josue, lumakad nga sa unahan ng Kaban ng Tipan ang pitong paring may dalang trumpeta, at habang lumalakad ay hinihipan nila ang mga ito.

9Nauuna sa mga pari ang unang hanay ng mga kawal. Kasunod naman ng Kaban ng Tipan ang mga kawal na nasa panghuling hanay. Samantala, walang tigil ang tunog ng mga trumpeta.

10Ngunit sinabi ni Josue sa mga tao, “Huwag kayong sisigaw, o magsasalita man, hanggang hindi ko kayo binibigyan ng hudyat.”

11Sa utos nga ni Josue, iniligid nilang minsan sa lunsod ang Kaban ng Tipan ni Yahweh. Pagkatapos, bumalik sila sa kampo at doon sila nagpalipas ng gabi.

12Kinabukasan, maagang bumangon si Josue. Binuhat ng mga pari ang Kaban ng Tipan ni Yahweh,

13at muling nauna rito ang pitong pari na walang tigil sa pag-ihip ng dala nilang trumpeta. Muling pumuwesto sa unahan nila ang unang hanay ng mga kawal, samantalang ang mga panghuling hanay ay nasa likuran ng Kaban ng Tipan ni Yahweh. Patuloy ang pag-ihip sa mga trumpeta.

14Nilibot nga nilang minsan ang lunsod noong ikalawang araw, at pagkatapos ay bumalik silang muli sa kampo. Ganito ang ginawa nila araw-araw sa loob ng anim na araw.

15Nang ikapitong araw, bumangon sila nang magbukang-liwayway, at lumibot nang pitong beses sa lunsod. Noon lamang nila ito nilibot nang pitong beses.

16Sa ikapitong libot, hinipan ng mga pari ang mga trumpeta at iniutos ni Josue sa mga tao, “Sumigaw na kayo sapagkat ibinigay na sa inyo ni Yahweh ang lunsod!

17Ang buong lunsod at ang anumang matatagpuan doon ay wawasakin bilang handog kay Yahweh. Si Rahab lamang at ang kanyang mga kasambahay ang ililigtas sapagkat itinago niya ang ating mga isinugo roon.

18At huwag na huwag kayong kukuha ng anumang bagay na nakatakdang wasakin. Kapag kumuha kayo ng anuman, kayo ang magiging sanhi ng pagkapahamak ng buong Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[19]Ngunit ang lahat ng bagay na yari sa ginto, pilak, tanso, o bakal ay nakalaan para kay Yahweh, at dapat ilagay sa kabang-yaman ni Yahweh."

[20]Kaya't hinipan nga ng mga pari ang mga trumpeta at nagsigawan nang napakalakas ang mga tao nang marinig iyon. Bumagsak ang mga pader ng lunsod at sumalakay sila. Nakapasok sila nang walang sagabal at nasakop nila ang lunsod.

[21]Pinatay nila ang lahat ng tao sa lunsod—lalaki't babae, matanda't bata—at pati ang mga asno, baka at tupa.

[22]Sinabi ni Josue sa dalawang espiya na isinugo niya noon, "Pumunta kayo sa bahay ng babaing inyong tinuluyan. Ilabas ninyo siya at ang buo niyang angkan, ayon sa inyong pangako sa kanya."

[23]Pumunta nga sila at inilabas si Rahab, ang kanyang ama't ina, mga kapatid at mga alipin. Inilabas din nila pati ang kanyang mga kamag-anak at dinalang lahat sa kampo ng Israel.

[24]Pagkatapos ay sinunog nila ang lunsod at tinupok ang lahat ng bagay na naroon, liban sa mga yari sa ginto, pilak, tanso, o bakal. Ang mga ito'y inilagay nila sa kabang-yaman ni Yahweh.

[25]Si Rahab na isang babaing nagbebenta ng panandaliang-aliw ay iniligtas ni Josue, pati ang buong angkan nito, sapagkat itinago nito ang mga lalaking isinugo upang lihim na magmanman sa Jerico. Ang mga naging anak at sumunod na salinlahi ni Rahab ay nanirahan sa Israel hanggang sa araw na ito.

[26]Noon di'y pinanumpa ni Josue ang buong bayan sa pangalan ni Yahweh. Sinabi niya, "Sumpain ang sinumang magtatayong muli ng lunsod na ito ng Jerico. Mamamatay ang anak na panganay ng sinumang muling maglalagay ng mga saligan nito. Mamamatay ang anak na bunso ng magbabangong muli ng kanyang mga pintuan."

[27]Pinatnubayan ni Yahweh si Josue, at naging tanyag ang kanyang pangalan sa lupaing iyon.

## Josue 7

### Ang Kasalanan ni Acan

[1]Ngunit nilabag ng Israel ang utos ni Yahweh na huwag kukuha sa Jerico ng mga bagay na ipinawawasak ni Yahweh bilang handog sa kanya. Si Acan na anak ni Karmi, apo ni Zabdi at apo-sa-tuhod ni Zera, mula sa lipi ni Juda, ay kumuha ng ilang bagay na ipinagbabawal kunin. Kaya't nagalit sa kanila si Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Samantala, nagsugo si Josue ng ilang tao buhat sa Jerico upang lihim na magmanman sa lunsod ng Ai na nasa silangan ng Bethel at malapit sa Beth-aven.

3Pagbabalik nila'y sinabi nila kay Josue, “Hindi na po kailangang pumaroon ang lahat. Magpadala lamang kayo ng mga dalawang libo hanggang tatlong libong mandirigma upang sumalakay sa lunsod ng Ai. Huwag na ninyong pagurin ang lahat, sapagkat maliit lang ang lunsod na iyon.”

4Kaya't tatlong libong Israelita lang ang sumalakay sa Ai, ngunit sila'y naitaboy ng mga tagaroon.

5Hinabol sila buhat sa pintuan ng lunsod hanggang sa tibagan ng bato. Tatlumpu't anim ang napatay sa kanila nang sila'y umatras pababa sa bundok, kaya't natakot sila at nasiraan ng loob.

6Pinunit ni Josue at ng pinuno ng Israel ang kanilang kasuotan dahil sa matinding paghihinagpis. Nagpatirapa sila sa harap ng Kaban ng Tipan ni Yahweh. Naglagay din sila ng abo sa ulo bilang tanda ng kalungkutan hanggang sa paglubog ng araw.

7At sinabi ni Josue, “Panginoong Yahweh, bakit pa ninyo kami pinatawid ng Ilog Jordan kung ipalilipol din lamang sa mga Amoreo? Mabuti pa'y nanatili na kami sa kabila ng Jordan!

8Anong sasabihin ko, Panginoon, ngayong umatras sa labanan ang bayang Israel?

9Mababalitaan ito ng mga Cananeo at ng iba pang naninirahan sa lupaing ito. Pagtutulung-tulungan nila kaming lipulin sa balat ng lupa. Wala po ba kayong gagawin upang ipagtanggol ang inyong dakilang pangalan?”

10Sumagot si Yahweh, “Tumayo ka! Bakit ka nagpapatirapa nang ganyan?

11Nagkasala ang bayang Israel! Sumira sila sa kasunduang ibinigay ko sa kanila sapagkat kumuha sila ng mga bagay na nakatakdang wasakin. Ninakaw nila ang mga iyon, itinago at isinama sa kanilang mga ari-arian.

12Iyan ang dahilan kaya sila natalo ng kanilang kaaway. Natakot sila sapagkat sila rin ay dapat lipulin. Hindi ko na kayo tutulungan hanggang hindi ninyo isinusuko ang bagay na ipinagbabawal ko sa inyo.

13Tumayo ka at sabihin mo sa bayan na maghanda sila bukas sa pagharap sa akin, sapagkat akong si Yahweh, ang Diyos ng Israel, ay ganito ang sasabihin: ‘Ikaw rin, Israel, ay dapat wasakin sapagkat may nagtatago sa inyo ng mga bagay na ipinag-utos kong wasakin. Hindi kayo makakaharap sa inyong mga kaaway hanggang hindi naaalis sa inyo ang mga bagay na iyan!

14Kaya bukas ng umaga, haharap kayo sa akin ayon sa inyu-inyong lipi. Ang liping mapili ko ay hahanay ayon sa kani-kanilang angkan. Ang angkan

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

naman na mapili ko ay hahanay rin ayon sa kani-kanilang sambahayan. At ang sambahayang mapili ko ay hahanay na isa-isa.

15Ang kakitaan ng mga bagay na ipinag-utos kong wasakin ay siyang ihahagis sa apoy, kasama ang kanyang sambahayan at mga ari-arian, sapagkat hindi niya iginalang ang kasunduang ibinigay ko sa kanila at nagdulot siya ng napakalaking kahihiyan sa buong Israel.'"

16Kinabukasan, maagang bumangon si Josue at pinahanay ang buong Israel ayon sa kani-kanilang lipi, at napili ang lipi ni Juda.

17Tinawag ang lipi ni Juda at napili ang angkan ni Zera. Tinawag ang angkan ni Zera at napili ang sambahayan ni Zabdi.

18Tinawag ang sambahayan ni Zabdi at napili si Acan, na anak ni Karmi at apo ni Zabdi, na anak ni Zera.

19Kaya't sinabi ni Josue kay Acan, "Anak, nasa harapan ka ni Yahweh, ang Diyos ng Israel! Igalang mo ang kanyang pangalan. Magsabi ka ng totoo. Huwag kang magkakaila ng anuman! Ano ang ginawa mo?"

20Sumagot si Acan, "Totoo pong nagkasala ako kay Yahweh, ang Diyos ng Israel.

21Sa mga bagay na nasamsam ko sa Jerico, may nakita akong isang mamahaling balabal na yari sa Babilonia, halos walong librang pilak, at isang baretang ginto na mahigit pang dalawang libra. Kinuha ko ang mga iyon at ibinaon sa lupa, sa loob ng aking tolda. Nasa kailaliman po ang pilak."

22Nagsugo si Josue ng dalawang tao na patakbong pumunta sa tolda ni Acan. Nakabaon nga roon ang damit at nasa ilalim nito ang pilak.

23Iniharap nila kay Josue at sa buong Israel ang lahat ng iyon, at inilatag sa harapan ni Yahweh.

24Dinala ni Josue at ng buong bayan si Acan, gayundin ang pilak, ang damit, at ang barang ginto, sa Libis ng Kaguluhan. Isinama rin nila ang kanyang asawa, mga anak, mga baka, kabayo, at tupa, tolda at lahat niyang ari-arian.

25At sinabi ni Josue, "Bakit mo kami ipinahamak? Ikaw naman ngayon ang ipapahamak ni Yahweh." At pinagbabato ng buong bayan si Acan at ang buo niyang sambahayan hanggang mamatay. Sinunog silang lahat kasama ng kanilang ari-arian.

26Pagkatapos, tinabunan nila ng mga bato. Naroon pa hanggang ngayon ang mga batong iyon. Nawala ang galit ni Yahweh. Mula noon, ang pook na iyo'y tinawag na Libis ng Kaguluhan.

## Josue 8

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang Plano Laban sa Lunsod ng Ai

1At sinabi ni Yahweh kay Josue, “Huwag kang matakot, lakasan mo ang iyong loob. Tipunin mo ang lahat mong mga kawal at salakayin ninyo ang lunsod ng Ai. Ibibigay ko sa inyo ang hari ng Ai, ang kanyang mga tauhan, lunsod at mga lupain.

2Gagawin ninyo sa Ai ang ginawa ninyo sa Jerico. Ngunit maaari ninyong kunin ang kanilang mga alagang hayop at mga ari-arian. Maghanda kayo at salakayin ninyo ang lunsod buhat sa likuran.”

3Inihanda nga ni Josue ang lahat niyang kawal upang salakayin ang Ai. Pumili siya ng tatlumpung libong magigiting na kawal, at kinagabiha'y pinalabas ng kampo.

4Ganito ang tagubilin niya sa kanila: “Magtago kayo sa dakong likuran ng lunsod, sa di kalayuan, at humanda kayong sumalakay sa anumang oras.

5Kami ng mga kasama ko ay sasalakay sa harapan. Kapag hinabol kami ng mga taga-lunsod, aatras kami gaya ng ginawa natin noong nakaraan.

6Aakalain nilang natakot kami tulad noong una, kaya hahabulin nila kami hanggang sa sila'y mapalayo sa lunsod.

7Lalabas naman kayo sa inyong pinagtataguan at papasukin ninyo ang lunsod. Ito'y ibibigay sa inyo ni Yahweh na inyong Diyos.

8Kapag nasakop na ninyo ang lunsod, sunugin ninyo ito, gaya ng sinabi ni Yahweh. Tandaan ninyo ang mga tagubilin kong ito.”

9Pinalabas nga sila ni Josue, at sila'y nagtago sa dakong likuran ng Ai—sa pagitan nito at ng Bethel. Samantala, nanatili si Josue sa kampo kasama ng ibang tauhan ng Israel.

### Ang Pagsakop sa Lunsod ng Ai

10Kinabukasan, maaga pa'y bumangon na si Josue at tinipon ang buong hukbo. Siya at ang mga pinuno ng Israel ang nanguna patungo sa Ai.

11Pumunta sila sa gawing bukana ng lunsod at nagtayo ng kampo sa harap niyon, sa gawing hilaga. Isang libis ang nasa pagitan nila at ng lunsod ng Ai.

12Nagbukod si Josue ng limanlibong mandirigma na pinakubli niya sa kanluran ng lunsod—sa pagitan nito at ng Bethel.

13Ganito ang hanay ng mga kawal sa simula ng labanan: ang pinakamalaking bahagi ay sa harapan sa dakong hilaga ng lunsod at ang mga nakakubling mandirigma, sa gawing kanluran naman. Sa libis na iyon nagpalipas ng gabi si Josue.

14Hindi nag-aksaya ng panahon ang hari at ang mga taga-Ai nang makita ang pangkat ni Josue. Lumabas sila ng lunsod at nilusob ang hukbo ng Israel sa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Kapatagan ng Jordan, sa dating pinaglabanan nila. Wala silang malay na may sasalakay sa kanilang likuran.

15Si Josue naman at ang mga kasama niya'y nagkunwaring natatalo at umatras patungo sa ilang.

16Kaya't hinabol sila ng lahat ng kalalakihan ng Ai hanggang sa mapalayo sila sa lunsod.

17Lahat ng lalaki sa Ai at sa Bethel ay sumama sa paghabol sa mga Israelita at naiwang walang bantay ang lunsod.

18Noon sinabi ni Yahweh kay Josue, “Ituro mo sa Ai ang iyong sibat. Ito'y ibinibigay ko sa inyo ngayon.” Ganoon nga ang ginawa ni Josue.

19Pagkataas ng kanyang kamay, naglabasan ang mga tauhan niya sa kanilang pinagtataguan. Pinasok nila ang lunsod at sinunog iyon.

20Nang lumingon ang mga taga-Ai, nakita nilang abot sa langit ang usok na nagmumula sa lunsod. Hindi naman sila makasulong o makaurong; bigla silang hinarap ng mga Israelitang hinahabol nilang patungo sa ilang.

21Sapagkat nang makita ni Josue at ng mga Israelita na ang mga kasama nilang nakakubli'y pumasok na sa lunsod at ito'y nasusunog na, bumalik sila at pinagpapatay ang mga taga-Ai.

22Dumagsa rin buhat sa lunsod ang mga Israelitang pumasok doon, kaya't ganap na napalibutan ang mga taga-Ai. Namatay silang lahat, at walang nakaligtas o nakatakas ni isa man.

23Ang hari lang ang binihag nilang buháy at dinala kay Josue.

24Napatay nga ng mga Israelita ang lahat ng humabol sa kanila. Pagkatapos, bumalik sila sa lunsod at nilipol din ang lahat ng naiwan doon.

25Nang araw na iyon ay pinuksa nila ang lahat ng tao sa Ai, at may labindalawang libo ang namatay.

26Patuloy na itinuro ni Josue sa Ai ang kanyang sibat hanggang sa mapatay ang lahat ng tagaroon.

27Walang kinuha ang mga Israelita mula sa lunsod kundi ang mga baka at mga ari-arian, ayon sa sinabi ni Yahweh kay Josue.

28Sinunog ni Josue ang Ai at iniwang wasak tulad ng makikita hanggang sa ngayon.

29Ipinabitay niya ang hari sa isang punongkahoy, at pinabayaan doon ang bangkay hanggang sumapit ang dilim. Paglubog ng araw, ipinababa niya ang bangkay at ipinatapon sa may pintuan ng lunsod. Pinatabunan niya iyon ng malalaking bato na makikita pa roon magpahanggang ngayon.

### Binasa ang Kautusan sa Bundok ng Ebal

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Nagtayo si Josue ng isang altar sa Bundok ng Ebal para kay Yahweh, ang Diyos ng Israel.

31Mga batong hindi tinapyas ng paet ang ginamit niya sa altar ayon sa bilin ni Moises at nasasaad sa Kautusan. Sa ibabaw ng altar na iyon ay nag-alay sila kay Yahweh ng mga handog na sinusunog at mga handog na pinagsasaluhan.

32Sa lugar na iyon, sa harapan ng buong Israel, iniukit ni Josue sa mga bato ng altar ang kopya ng Kautusang isinulat ni Moises.

33Lahat ng Israelita, kasama ang mga matatanda, ang mga pinuno, at ang mga hukom, at pati ang mga dayuhang kasama nila, ay tumayo sa magkabilang panig ng Kaban ng Tipan ni Yahweh, paharap sa mga paring Levita na may dala niyon. Ang kalahati ng bayan ay tumayo sa tapat ng Bundok ng Gerizim, at ang kalahati'y sa tapat ng Bundok ng Ebal. Ganito ang utos ni Moises na gagawin nila pagsapit ng panahong tatanggapin na nila ang pagbabasbas.

34Sa sandaling iyo'y binasa ni Josue ang Kautusan, ang mga pagpapala at ang mga sumpa, ayon sa nasusulat sa aklat ng Kautusan.

35Isa-isang binasa ni Josue ang mga Kautusan sa lahat ng taong naroon, pati sa mga babae at mga bata, at sa mga dayuhang kasama nila.

## Josue 9

### Nilinlang ng mga Taga-Gibeon si Josue

1Ang mga tagumpay ng Israel ay nabalitaan ng lahat ng mga hari sa ibayo ng Jordan, sa kaburulan, sa kapatagan, at sa baybayin ng Dagat Mediteraneo hanggang sa Lebanon, sa dulong hilaga. Ang mga haring ito ng mga Heteo, ng mga Amoreo, ng mga Cananeo, ng mga Perezeo, ng mga Hivita, at ng mga Jebuseo

2ay nagsama-sama upang lusubin si Josue at ang bayang Israel.

3Ngunit nang mabalitaan ng mga taga-Gibeon ang ginawa ni Josue sa Jerico at sa Ai,

4umisip sila ng paraan upang malinlang si Josue. Nagdala sila ng pagkain at kinargahan nila ang kanilang mga asno ng mga lumang sako at mga sisidlang-balat na tagpi-tagpi.

5Nagsuot sila ng mga pudpod at butas-butas na sandalyas, at damit na gula-gulanit. Matigas na at amagin pa ang baon nilang tinapay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Pumunta sila kay Josue sa kampo ng Israel sa Gilgal. Ganito ang sabi nila kay Josue at sa kasama niyang mga pinuno ng Israel: “Kami po'y galing pa sa malayong lupain; nais po naming makipagkasundo sa inyo!”

7Ngunit sumagot ang mga pinuno ng Israel, “Baka kayo'y mga tagarito. Hindi kami maaaring makipagtipan sa inyo.”

8Nagmakaawa sila kay Josue, “Handa po kaming maglingkod sa inyo!” Tinanong sila ni Josue, “Sino ba kayo? Saan kayo galing?”

9At ganito ang kanilang salaysay: “Buhat po kami sa napakalayong lupain. Nagsadya po kami sa inyo sapagkat nabalitaan namin ang tungkol kay Yahweh, na inyong Diyos. Narinig po namin ang ginawa niya sa Egipto.

10Nalaman din po namin ang ginawa niya sa dalawang haring Amoreo sa silangan ng Jordan: kay Sihon na hari ng Hesbon at kay Og na hari ng Bashan, na nakatira sa Astarot.

11Kaya't isinugo po kami ng aming matatanda at mga kababayan. Nagdala po kami ng baon at naglakbay hanggang dito upang makipagkita sa inyo at paabutin sa inyo na kami'y handang maglingkod sa inyo! Marapatin po sana ninyong makipagkasundo sa amin.

12Tingnan po ninyo ang tinapay na baon namin. Mainit pa po iyan nang umalis kami sa amin. Ngunit ngayo'y matigas na at amagin.

13Bago pa rin ang mga sisidlang-balat na iyan nang aming lagyan. Tingnan po ninyo! Sira-sira at tagpi-tagpi na ngayon. Gula-gulanit na po itong aming kasuotan at pudpod na itong aming sandalyas dahil sa kalayuan ng aming nilakbay.”

14Tinikman ng mga pinuno ng Israel ang mga pagkain ngunit hindi man lamang sumangguni kay Yahweh.

15Kaya't nakipagkasundo sa kanila si Josue at nangako na hindi sila papatayin. Sumang-ayon din sa kasunduan ang mga pinuno ng Israel.

16Tatlong araw pagkatapos pagtibayin ang kasunduan, nalaman ng mga Israelita na hindi pala taga malayo ang mga taong iyon, kundi tagaroon din sa lupaing iyon.

17Kaya lumakad sila, at pagkatapos ng tatlong araw ay natagpuan nila ang mga tinitirhan ng mga taong iyon: ang mga lunsod ng Gibeon, Cefira, Beerot at Lunsod ng Jearim.

18Ngunit hindi magawang patayin ng mga Israelita ang mga taong iyon sapagkat ang mga pinuno ng Israel ay nanumpa sa kanila sa pangalan ni Yahweh. At nagreklamo ang buong bayan laban sa pangyayaring iyon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19 Kaya't nagpaliwanag ang mga pinuno, “Nakipagkasundo kami sa kanila sa ngalan ni Yahweh, ang Diyos ng Israel. Hindi natin sila maaaring saktan.

20 Kailangang igalang natin ang kanilang buhay; kung hindi, baka tayo parusahan ng Diyos dahil sa sumpang aming binitiwan sa kanila.

21 Hayaan ninyo silang mabuhay. Gagawin natin silang tagapangahoy at taga-igib.”

22 Ipinatawag naman ni Josue ang mga taga-Gibeon at kanyang sinabi, “Bakit ninyo kami nilinlang? Bakit ninyo sinabing kayo'y taga malayo, gayong tagarito pala kayo?

23 Dahil sa ginawa ninyo, isinusumpa kayo ng Diyos. Buhat ngayon, magiging alipin namin kayo, tagapangahoy at taga-igib sa bahay ng aking Diyos.”

24 Sumagot sila, “Ginawa po namin iyon sapagkat napatunayan namin na talagang iniutos ni Yahweh, na inyong Diyos, sa lingkod niyang si Moises na ipamahagi sa inyo ang mga lupaing ito at lipulin ang lahat ng taong nakatira dito. At ngayong kayo nga'y dumating na, natatakot po kaming baka kami'y lipulin ninyo.

25 Kami po'y nasa ilalim ng inyong kapangyarihan ngayon. Gawin po ninyo sa amin ang inyong mamarapatin.”

26 Kaya't ipinagtanggol ni Josue ang mga taong iyon at hindi pinabayaang patayin ng mga Israelita.

27 Subalit sila'y ginawa niyang mga alipin, tagapangahoy at taga-igib sa altar ni Yahweh. Nananatili sila sa kalagayang iyon hanggang ngayon, at naglilingkod sa altar ni Yahweh saanman sila kailanganin.

## Josue 10

### Nalupig ang mga Amoreo

1 Nabalitaan ni Adonizedec, hari ng Jerusalem, na sinakop at tinupok ni Josue ang lunsod ng Ai. Nabalitaan din niya ang ginawa ni Josue sa hari at mga mamamayan ng Ai, at ang ginawa niya sa hari ng Jerico at sa mga tagaroon. Nalaman din niya na ang mga taga-Gibeon ay nakipagkasundo at naninirahang kasama ng mga Israelita.

2 Labis itong ikinabahala ng mga taga-Jerusalem, sapagkat ang Gibeon ay kasinlaki ng mga lunsod na may sariling hari, higit na malaki kaysa Ai, at magigiting ang mga mandirigma nito.

3 Kaya nagpadala ng mensahe si Adonizedec kay Hoham, hari ng Hebron; kay Piream, hari ng Jarmut; kay Jafia, hari ng Laquis; at kay Debir, hari ng Eglon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[4]Ganito ang kanyang ipinasabi: “Kailangan namin ang inyong tulong. Kailangang salakayin natin ang Gibeon sapagkat ang mga tagaroon ay nakipagkasundo kay Josue at sa mga Israelita.”

[5]Nagkaisa nga ang limang haring Amoreo; ang mga hari ng Jerusalem, ng Hebron, ng Jarmut, ng Laquis at ng Eglon, at pinaligiran nila at sinalakay ang Gibeon.

### Tinulungan ni Josue ang mga Taga-Gilgal

[6]Nagpasabi naman kay Josue sa kampo ng Gilgal ang mga taga-Gibeon, “Huwag po ninyong pabayaan itong inyong mga abang alipin! Pumarito po kayong madali upang kami'y saklolohan. Iligtas ninyo kami! Pinagtutulung-tulungan po kami ng lahat ng mga haring Amoreong naninirahan sa kaburulan.”

[7]Kaya nga't dumating si Josue buhat sa Gilgal, kasama ang kanyang buong hukbo pati ang magigiting niyang mandirigma.

[8]Sinabi ni Yahweh kay Josue, “Huwag kang matakot sa kanila. Ibinigay ko na sila sa iyong mga kamay. Wala ni isa man sa kanilang makakatalo sa inyo.”

[9]Magdamag na naglakbay si Josue at ang kanyang hukbo buhat sa Gilgal at bigla nilang sinalakay ang mga Amoreo.

[10]Niloob ni Yahweh na magulo ang mga ito dahil sa takot nang makita ang hukbo ng Israel. Nilipol sila ng mga Israelita sa Gibeon; hinabol sila sa paglusong ng Beth-horon hanggang sa Azeka at sa Makeda.

[11]Samantalang tumatakas sila sa paghabol ng mga Israelita, pinaulanan sila ni Yahweh ng malalaking tipak ng yelo buhat sa langit; umabot ito hanggang sa Azeka at napakaraming namatay. Mas marami pa ang namatay sa pagbagsak ng yelo kaysa tabak ng mga Israelita.

### Tumigil ang Araw at ang Buwan

[12]Noong araw na ang mga Israelita'y pinagtagumpay ni Yahweh laban sa mga Amoreo, nakipag-usap si Josue kay Yahweh. Ito ang sinabi niya na naririnig ng buong bayan: “Huminto ka, Araw, sa tapat ng Gibeon, at ikaw rin, Buwan, sa Libis ng Ayalon.”

[13]Tumigil nga ang araw at hindi gumalaw ang buwan hanggang sa matalo ng mga Israelita ang kanilang mga kaaway. Hindi ba't nasusulat ito sa *Aklat ni Jasher*? Tumigil ang araw sa gitna ng langit at hindi lumubog sa buong maghapon.

[14]Kailanma'y hindi pa nangyari at hindi na muling mangyayari na si Yahweh ay sumunod sa isang tao at nakipaglaban sa panig ng Israel.

### Pinuksa ang mga Amoreo

[15]Pagkatapos nito, si Josue at ang mga tauhan niya ay bumalik sa Gilgal.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Nakatakas ang limang hari at nagtago sa yungib ng Makeda.

17Ngunit may nakaalam na doon sila nagtago, at ito'y ipinasabi kay Josue.

18Kaya't iniutos ni Josue, "Takpan ninyo ng malalaking bato ang bunganga ng yungib at inyong pabantayan iyon.

19Ngunit huwag kayong titigil doon. Habulin ninyo ang kaaway, unahan sila at harangin upang huwag makapasok sa kani-kanilang lunsod. Inilagay na sila ni Yahweh sa inyong kapangyarihan."

20At sila nga'y pinuksa ni Josue at ng kanyang mga kawal kahit may ilang nakatakbo at nakapasok sa mga napapaderang lunsod.

21At bumalik na sa kampo sa Makeda ang lahat ng mga kawal ni Josue. Buhat noon, wala nang nangahas magsalita laban sa mga Israelita.

22Iniutos ni Josue sa kanyang mga tauhan, "Alisin ninyo ang nakatakip na bato sa bunganga ng yungib, ilabas ninyo ang limang haring iyon at iharap sa akin."

23Ganoon nga ang ginawa nila. Inilabas sa yungib ang mga hari ng Jerusalem, ng Hebron, ng Jarmut, ng Laquis at ng Eglon.

24Nang nasa harapan na ni Josue ang limang hari, tinipon niya ang kanyang mga mandirigma at iniutos sa mga pinuno, "Halikayo! Tapakan ninyo sa leeg ang mga haring ito." At ganoon nga ang ginawa nila.

25Pagkatapos, sinabi niya sa kanila, "Huwag kayong matatakot o panghihinaan ng loob. Ganito ang gagawin ni Yahweh sa lahat ng inyong mga kaaway."

26Ang limang hari ay ipinapatay ni Josue at maghapong ibinitin sa limang punongkahoy.

27Nang palubog na ang araw, iniutos ni Josue na ibaba sila sa pagkakabitin at ipinatapon sa yungib na pinagtaguan nila. Ang bunganga ng yungib ay pinatakpan ng malalaking bato na naroroon pa magpahanggang ngayon.

**Sinakop ni Josue ang Buong Bayan ng mga Amoreo**

28Nang araw ding iyon, nasakop ni Josue ang Makeda at pinatay ang hari roon. Nilipol din niya ang buong bayan at wala siyang itinirang buháy isa man. Ginawa niya sa hari ng Makeda ang ginawa niya sa hari ng Jerico.

29Buhat sa Makeda, sinalakay naman ni Josue at ng mga Israelita ang Libna.

30Ibinigay rin ni Yahweh sa kanilang kapangyarihan ang hari at ang lahat ng mamamayan doon. Pinatay nilang lahat ang mga tagaroon, at walang itinira isa man. Ginawa ni Josue sa hari ng Libna ang ginawa niya sa hari ng Jerico.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

31Pagkatapos nito, kinubkob naman at sinalakay ni Josue at ng mga Israelita ang Laquis.

32Sa ikalawang araw ng labanan, muli silang pinagtagumpay ni Yahweh. Nilipol din nila ang lahat ng tagaroon tulad ng ginawa nila sa Libna.

33Si Horam, na hari ng Gezer, ay sumaklolo sa mga taga-Laquis. Ngunit tinalo rin sila ni Josue at walang itinirang buháy sa kanyang mga tauhan.

34Buhat sa Laquis, kinubkob at sinalakay ni Josue at ng mga Israelita ang Eglon.

35Sa araw ring iyon, nasakop nila ang Eglon at pinatay ang lahat ng tagaroon, tulad ng ginawa nila sa Laquis.

36Pagkatapos nito, si Josue at ang buong hukbo ng Israel ay umakyat sa mga bulubundukin at sinalakay nila ang Hebron.

37Nasakop nila ang lunsod at pinatay ang lahat ng tagaroon, buhat sa hari hanggang sa kahuli-hulihang mamamayan. Gayundin ang ginawa nila sa mga karatig-bayan ng Hebron. Sinunog nila ang lunsod at walang iniwang buháy, gaya nang ginawa nila sa Eglon.

38Hinarap naman ni Josue at ng buong hukbo ng Israel ang Debir.

39Sinakop nila ang lunsod at ang mga karatig-bayan nito. Pinatay nila ang hari at nilipol ang lahat ng mamamayan. Ginawa rin nila sa Debir ang ginawa nila sa Hebron, sa Libna, at sa kanilang mga hari.

40Sinakop nga ni Josue ang buong lupain: ang kaburulan sa silangan, ang mga nasa paanan ng mga bundok sa kanluran, pati ang mga lupain sa katimugan. Natalo nila ang mga hari sa mga lugar na ito at nilipol ang lahat ng naninirahan doon, at walang itinirang buháy ayon sa ipinag-utos ni Yahweh, ang Diyos ng Israel.

41Sinakop ni Josue ang lahat ng lupain buhat sa Kades-barnea hanggang sa Gaza, pati ang nasasakupan ng Goshen hanggang sa Gibeon sa dakong hilaga.

42Sinakop niya ang lahat ng mga lupain at mga kahariang ito sa loob lamang ng isang tuluy-tuloy na pananalakay sapagkat si Yahweh, ang Diyos ng Israel, ay kasama ng mga Israelita sa kanilang pakikipaglaban.

43Pagkatapos, bumalik si Josue at ang buong hukbo ng Israel sa kampo ng Gilgal.

## Josue 11

### Tinalo ni Josue si Jabin at ang mga Kasama Nito

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Nang mabalitaan ni Jabin, hari ng Hazor, ang ganitong mga pangyayari, nagpasabi siya kay Jobab, hari ng Madon, at sa mga hari ng Simron at Acsaf.

2Pinabalitaan din niya ang mga hari sa kaburulan sa dakong hilaga, sa Kapatagan ng Jordan, sa timog ng lawa ng Cineret at sa kapatagan hanggang sa baybayin ng Dor sa gawing kanluran.

3Nagpasabi rin siya sa mga Cananeo sa magkabilang panig ng Ilog Jordan, sa mga Amoreo, Heteo at Perezeo. Nagpadala rin siya ng mensahe sa mga Jebuseo na naninirahan sa kaburulan, at sa mga Hivita na naninirahan sa paanan ng Bundok Hermon, sa lupain ng Mizpa.

4Dumating lahat ang mga haring iyon, kasama ang kanilang mga sandatahang lakas. Halos sindami ng buhangin sa tabing-dagat ang bilang ng kanilang hukbo. Napakarami rin ng kanilang mga kabayo at mga karwaheng pandigma.

5Nagkaisa ang mga haring iyon na pag-isahin ang kanilang mga pwersa at sama-sama silang nagkampo sa may batisan ng Merom upang salakayin ang Israel.

6Ngunit sinabi ni Yahweh kay Josue, “Huwag kang matakot sa kanila. Asahan mo, bukas sa ganito ring oras, lilipulin ko silang lahat para sa Israel. Lalagutan ninyo ng litid upang mapilay ang kanilang mga kabayo at susunugin ang kanilang mga karwahe.”

7Kaya't sila'y biglang sinalakay ni Josue at ng kanyang mga kawal sa may batis ng Merom.

8Pinagtagumpay ni Yahweh ang mga Israelita. Hinabol nila ang mga kaaway hanggang sa Dakilang Sidon at sa Misrefot-mayim sa gawing hilaga, at hanggang sa Libis ng Mizpa sa gawing silangan. Nagpatuloy ang labanan hanggang walang natirang buháy sa mga kaaway.

9Ginawa sa kanila ni Josue ang utos ni Yahweh, pinilayan niya ang mga kabayo at sinunog ang kanilang mga karwahe.

10Pagkatapos, bumalik si Josue, sinakop ang Hazor at pinatay ang hari roon. Nang panahong iyon, ang Hazor ang kinikilalang pinakamakapangyarihang lunsod sa mga kahariang iyon.

11Sinunog ng mga Israelita ang lunsod at pinatay ang lahat ng tagaroon—walang itinira ni isa man.

12Natalo ni Josue ang lahat ng mga haring iyon at sinakop ang kanilang mga lunsod. Pinatay niyang lahat ang mga tao roon, gaya ng iniutos ni Moises na lingkod ni Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Maliban sa Hazor na sinunog ni Josue, hindi sinunog ng mga Israelita ang mga lunsod na nasa burol.

14Sinamsam ng mga Israelita ang kanilang mahahalagang kagamitan at mga baka. Ngunit pinatay nila ang mga tao roon at walang itinirang buháy.

15Ito ang utos na ibinigay ni Yahweh kay Moises, at ibinigay naman ni Moises kay Josue. Tinupad ni Josue ang lahat ng iniutos ni Yahweh kay Moises.

**Sinakop ni Josue ang Buong Lupain**

16Sinakop nga ni Josue ang buong lupaing iyon: ang kaburulan at ang mga nasa paanan ng bundok na nasa hilaga at timog, ang buong saklaw ng Goshen, at ang tuyong bahagi sa katimugan nito, pati ang Kapatagan ng Jordan.

17Buhat sa Bundok Halac paahon sa Seir hanggang sa Baal-gad sa Kapatagan ng Lebanon, sa may paanan ng Bundok Hermon, ay nasakop lahat ni Josue at pinatay ang kanilang mga hari.

18Matagal ding dinigma ni Josue ang mga bansang ito.

19Walang nakipagkasundo sa Israel kundi ang mga Hivita na naninirahan sa Gibeon.

20Ipinahintulot ni Yahweh na mahigpit silang makipaglaban sa mga Israelita, upang walang awa silang lipuling lahat at matupok ang kanilang mga lunsod, ayon sa sinabi ni Yahweh kay Moises.

21Nang panahon ding iyon, sinalakay ni Josue ang lahi ng mga higante na tinatawag na mga Anaceo sa kaburulan ng Hebron, Debir, Anab, at sa lahat ng kaburulan ng Juda at Israel. Sila'y nilipol niya,

22kaya't walang natirang Anaceo sa lupain ng Israel. Sa Gaza, sa Gat at sa Asdod lamang may natirang ilan.

23Sinakop nga ni Josue ang buong lupaing iyon, tulad ng sinabi ni Yahweh kay Moises, at ipinamahagi sa bawat lipi ng Israel, upang paghati-hatian ng lahat ng bumubuo ng bawat lipi. Pagkatapos nito, namuhay na nang mapayapa ang mga Israelita sa lupaing iyon.

## Josue 12

**Ang mga Haring Natalo ng mga Israelita**

1Nasakop ng mga Israelita ang lupain sa silangan ng Ilog Jordan, buhat sa Ilog Arnon hanggang sa Bundok ng Hermon, at nalupig nila ang mga hari roon.

2Ang una'y si Sihon, ang hari ng mga Amoreo, na nanirahan sa Hesbon. Sakop niya buhat sa bayan ng Aroer sa Ilog Arnon, pati ang kalahati ng libis

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

nito, hanggang sa Batis ng Jabok sa may hangganan ng mga Ammonita. Samakatuwid, sakop niya ang kalahati ng Gilead,

3gayundin ang Araba sa gawing silangan ng Jordan, buhat sa gilid ng Lawa ng Cineret patungo sa Beth-jesimot sa gawing silangan, hanggang sa Dagat na Patay tuloy sa paanan ng Bundok ng Pisga papuntang timog.

4Nalupig din nila si Haring Og ng Bashan, isa sa ilang natira sa lahi ng mga higante. Nanirahan ang haring ito sa Astarot at sa Edrei.

5Sakop niya ang kabundukan ng Hermon, ang Saleca, ang buong Bashan hanggang sa lupain ng mga Gesureo at mga Maacateo. Kasama pa rin ng nasasakupan niya ang kalahati ng Gilead, karatig ng lupain ni Sihon na hari ng Hesbon.

6Ang dalawang ito'y nilupig ng mga Israelita, sa pamumuno ni Moises. Ibinigay ni Moises na lingkod ni Yahweh ang mga lupain nila sa lipi ni Ruben, ni Gad at sa kalahati ng lipi ni Manases.

**Ang mga Haring Natalo ni Josue**

7Sa pamumuno ni Josue, tinalo ng mga Israelita ang mga hari sa kanluran ng Ilog Jordan: buhat sa Baal-gad, sa kapatagan ng Lebanon hanggang sa Bundok ng Halac, sa pag-ahon ng Bundok Seir. Ang kanilang mga lupai'y pinaghati-hati ni Josue sa mga lipi ng Israel upang maging pag-aari ng mga ito habang panahon.

8Saklaw ng mga lupaing iyon ang kaburulan, ang mga kapatagan, ang Araba, ang paanan ng mga bundok, ang ilang, at ang Negeb. Doon naninirahan ang mga Heteo, Amoreo, Cananeo, Perezeo, Hivita at Jebuseo.

9Ito ang mga haring tinalo ng Israel sa pamumuno ni Josue: ang mga hari ng Jerico at ng Ai na malapit sa Bethel;

10ang mga hari ng Jerusalem at Hebron;

11ng Jarmut at ng Laquis;

12ng Eglon at ng Gezer;

13ng Debir at ng Geder;

14ng Horma at ng Arad;

15ng Libna at ng Adullam;

16ng Maceda at ng Bethel;

17ng Tapua at ng Hefer;

18ng Afec at ng Lasaron;

19ng Madon at ng Hazor;

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

20ng Simron-meron at ng Acsaf;

21ng Taanac at ng Megido;

22ng Kades at ng Jokneam sa Carmelo;

23ng Dor sa baybayin ng Dor, ang hari ng mga Goyim sa Galilea,

24at ang hari ng Tirza. Lahat-lahat ay tatlumpu't isang hari.

## Josue 13

### Ang mga Lupaing Hindi pa Nasasakop

1Matandang-matanda na noon si Josue. Sinabi sa kanya ni Yahweh: “Matandang-matanda ka na ngunit malaki pang bahagi ng lupaing ito ang kailangan pang sakupin.

2Ito ang mga hindi pa ninyo nasasakop: ang lupain ng mga Filisteo at ang lupain ng mga Gesureo;

3buhat sa batis ng Sihor sa tabing silangan ng Egipto hanggang sa Ekron ay itinuturing na lupain din ng mga Cananeo kahit ito'y sakop ng mga haring Filisteo na nakatira sa Gaza, sa Asdod, sa Ashkelon, sa Gat, at sa Ekron; ang lupain ng mga Aveo

4sa dakong timog, at ang lupain ng mga Cananeo, buhat sa Mehara na tinitirhan ng mga taga-Sidon hanggang sa Afec, sa may hangganan ng mga Amoreo;

5ang lupain ng mga Gebalita at ang buong silangan ng Lebanon, buhat sa Baal-gad sa paanan ng Bundok ng Hermon hanggang sa pagpasok ng Hamat.

6Kasama rin dito ang lupain ng mga taga-Sidon na naninirahan sa kaburulan ng Lebanon hanggang sa Misrefot-mayim. Pagdating ninyo roon, palalayasin kong lahat ang mga naninirahan doon. Hatiin mo sa mga Israelita ang mga lupaing ito, ayon sa sinabi ko sa iyo.

7Ipamahagi mo ngayon ang lupaing ito sa siyam na lipi at sa kalahati ng lipi ni Manases.”

### Mga Lupaing Ibinigay sa mga Lipi nina Ruben, Gad at Manases

8Ang mga lipi nina Ruben, Gad at ang kalahati ng lipi ni Manases ay binigyan na ni Moises ng kanilang lupain sa gawing silangan ng Jordan.

9Ang saklaw nila'y mula sa Aroer, na nasa tabi ng Kapatagan ng Arnon, at mula sa bayang nasa gitna ng libis patungo sa hilaga, kasama ang mga mataas na kapatagan ng Medeba hanggang sa Dibon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Saklaw rin ang lahat ng lunsod na sakop ni Haring Sihon ng mga Amoreo, na nakatira sa Hesbon, tuloy sa hangganan ng Ammon.

11Sakop pa rin ang Gilead, ang lupain ng mga Gesureo at mga Maacateo; ang kabundukan ng Hermon at ang buong Bashan hanggang Saleca.

12Sakop din ang kaharian ni Og na hari ng Astarot at Edrei. (Ang haring ito ang kaisa-isang nalabi sa lahi ng mga higante na tinalo ni Moises at pinalayas sa lupaing iyon.)

13Ngunit hindi pinaalis ng mga Israelita ang mga Gesureo at mga Maacateo. Naninirahan pa ang mga ito sa Israel hanggang ngayon.

14Ang lipi ni Levi ay hindi binigyan ni Moises ng bahagi sa lupain. Sa halip, ang tatanggapin nila'y ang bahaging kukunin sa mga handog ng sambayanan para kay Yahweh, ang Diyos ng Israel, ayon sa sinabi niya kay Moises.

15Binigyan na ni Moises ng kani-kanilang bahagi sa lupain ang lipi ni Ruben, ayon sa kani-kanilang angkan.

16Sakop nila ang lunsod ng Aroer na nasa gilid ng Ilog Arnon, at ang bayang nasa gitna ng libis, at ang mataas na kapatagan sa palibot ng Medeba.

17Sakop din nila ang Hesbon at ang lahat ng lunsod sa mataas na kapatagan: ang Dibon, Bamot-baal, Beth-baal-meon,

18Jahaz, Kedemot, Mefaat,

19Kiryataim, at Sibma. Kasama pa rin ang lunsod ng Zaret-sahar na nasa burol sa gitna ng libis,

20ang lunsod ng Beth-peor, ang mga libis ng Pisgah, at ang Beth-jesimot;

21ang lahat ng lunsod sa mataas na kapatagan at ang lahat ng bayang saklaw ni Haring Sihon na hari ng Hesbon. Tinalo siya ni Moises pati ang mga hari ng Midian na sina Evi, Requem, Zur, Hur at Reba. Ang mga haring ito ay sakop ni Haring Sihon at nanirahan sa lupaing iyon.

22Kabilang din sa mga pinatay roon ng mga Israelita ang manghuhulang si Balaam na anak ni Beor.

23Ang Ilog Jordan ang hangganan ng lupaing napunta sa lipi ni Ruben, ayon sa kani-kanilang angkan. Ito ang mga lunsod at mga bayang napunta sa kanilang mga angkan at sambahayan.

24Binigyan na rin ni Moises ng kani-kanilang bahagi sa lupain ang bawat angkan sa lipi ni Gad.

25Napunta sa kanila ang Jazer, ang buong Gilead, at ang kalahati ng lupain ng mga Ammonita hanggang sa Aroer na katapat ng Rabba.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Sakop nila ang mga lupain buhat sa Hesbon hanggang Ramot-mizpa at Bethonim, at buhat sa Mahanaim hanggang sa mga nasasakupan ng Lo-debar.

27Sa Kapatagan naman ng Jordan ang sakop nila'y ang mga lunsod ng Beth-haram, Beth-nimra, Sucot, Zafon at ang nalalabi sa kaharian ni Sihon na hari ng Hesbon. Saklaw nga nila ang buong lupain sa gawing silangan buhat sa Ilog Jordan, at tuloy sa Lawa ng Galilea sa gawing hilaga.

28Ito ang mga lunsod at bayang ibinigay sa mga angkan ng lipi ni Gad.

29Binigyan na rin ni Moises ng bahagi sa lupain ang mga angkan ng kalahati ng lipi ni Manases.

30Sakop nila ang Mahanaim at ang buong teritoryo ni Haring Og sa lupain ng Bashan. Kasama rin ng lupain nila ang animnapung bayan ng Bashan na sakop ng Jair.

31Sakop rin nila ang kalahati ng Gilead at ang mga lunsod ng Astarot at Edrei sa kaharian ni Og sa Bashan. Ito ang mga lupaing ibinigay sa mga angkang bumubuo ng kalahati ng angkan ni Maquir na anak ni Manases.

32Ganito ipinamahagi ni Moises ang mga lupain sa silangan ng Jerico at ng Ilog Jordan noong sila'y nasa kapatagan ng Moab.

33Ngunit hindi niya binigyan ng lupa ang lipi ni Levi sapagkat ang bahagi nila ay si Yahweh, ang Diyos ng Israel.

## Josue 14

### Ang Paghahati ng Canaan

1Ang mga lipi ng Israel ay nakatanggap ng lupang pamana nang masakop nila ang Canaan. Ang paring si Eleazar at si Josue na anak ni Nun, katulong ang mga pinuno ng angkan ng bawat lipi, ang naghati ng lupain ng Canaan para sa mga Israelita.

2Ang paghahati ay isinagawa sa pamamagitan ng palabunutan, ayon sa utos ni Yahweh kay Moises. Siyam at kalahating lipi na lamang ang binigyan nila ng kani-kanilang bahagi sa lupain.

3Ang dalawang lipi at kalahati'y nabigyan na ni Moises ng kanilang bahagi sa silangan ng Jordan. Hindi rin kabilang sa siyam na lipi at kalahati ang mga Levita.

4Hindi sila binigyan ng lupain. Sa halip, binigyan sila ng mga lunsod na matitirhan at mga kaparangan sa paligid para sa kanilang mga bakahan at mga kawan. Sa kabilang dako, ang mga nagmula sa lahi ni Jose ay pinagdalawang lipi: ang lipi ni Manases at ang lipi ni Efraim.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Pinaghati-hatian nga ng mga Israelita ang lupaing iyon ayon sa utos ni Yahweh kay Moises.

**Ibinigay kay Caleb ang Hebron**

6Lumapit noon kay Josue sa Gilgal ang ilan sa lipi ni Juda. Isa sa kanila si Caleb na anak ni Jefune, na mula sa angkan ng Cenizeo. Sinabi nito kay Josue, “Alam mo ang sinabi ni Yahweh kay Moises na kanyang lingkod tungkol sa ating dalawa nang tayo'y nasa Kades-barnea.

7Apatnapung taon pa lamang ako noon. Isinugo niya tayo buhat sa Kades-barnea upang lihim na manmanan ang lupaing ito, at iniulat ko sa kanya ang buong katotohanan.

8Kahit na ang bayan ay tinakot ng ibang kasama natin, buong katapatan pa rin akong sumunod kay Yahweh na ating Diyos.

9Kaya't ipinangako sa akin noon ni Moises na dahil sa aking buong katapatan sa pagsunod kay Yahweh, magiging bahagi ko at ng aking mga anak ang lupang matapakan ng aking mga paa.

10Apatnapu't limang taon na ang lumipas buhat nang sabihin ito ni Yahweh kay Moises. Noo'y naglalakbay pa sa disyerto ang bayang Israel. Iningatan ni Yahweh ang buhay ko hanggang ngayon. Walumpu't limang taon na ako ngayon

11ngunit hindi pa nagbabago ang lakas ko mula nang ako'y isugo ni Moises upang siyasatin ang lupaing ito. Kaya ko pang makipaglaban at gawin ang kahit anong trabaho.

12Kaya ibigay mo na sa akin ang kaburulang ipinangako sa akin ni Yahweh. Narinig mo rin na mga higante ang nakatira doon at matitibay ang pader ng naglalakihan nilang lunsod. Ngunit sa tulong ni Yahweh ay palalayasin ko sila sa lupaing iyon gaya ng ipinangako niya.”

13Binasbasan nga ni Josue si Caleb na anak ni Jefune, at ibinigay sa kanya ang Hebron.

14Ang lupain ng Hebron ay nananatili hanggang ngayon sa angkan ni Caleb na anak ni Jefune, na isang Cenizeo, sapagkat buong katapatan siyang sumunod kay Yahweh, ang Diyos ng Israel.

15Noong una'y Lunsod ng Arba ang pangalan ng Hebron, bilang alaala kay Arba, ang pinakadakila sa mga Anaceo. At nagkaroon nga ng kapayapaan sa buong lupain.

## Josue 15

**Ang Lupang para sa Lipi ni Juda**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Ang lupaing napapunta sa lipi ni Juda ay mula sa dulo ng Edom at hanggang sa ilang ng Zin sa kaduluhan sa gawing timog. Ito ang pinaghati-hatian ng mga angkang bumubuo ng lipi.

2Nagmula ang hangganan ng lupaing ito sa timog ng Dagat na Patay,

3nagtuloy sa Landas ng Acrabim, at lumampas patungo sa ilang ng Zin. Buhat doo'y umahon sa Kades-barnea, nagdaan ng Hezron, nagtuloy sa Adar at lumikong patungo sa Carca.

4Matapos tahakin ang Asmona, tinunton ang batis ng Egipto at nagtapos sa Dagat Mediteraneo. Ito ang hangganan ng Juda sa timog.

5Sa gawing silangan ang hangganan ng lupaing ito'y ang Dagat na Patay hanggang sa bunganga ng Jordan. Dito naman nagsimula ang hangganang hilaga.

6Umahon ito sa balikat ng Beth-hogla, dumaan sa hilaga ng Beth-araba at nagtuloy sa Bato ni Bohan, na anak ni Ruben.

7Buhat sa Libis ng Kaguluhan, umahon sa Debir at nagtuloy sa hilaga. Lumiko ito patungong Gilgal na nasa tapat ng Pag-ahon sa Adumim sa timog ng libis, tumawid ng batis ng En-shemes at nagtuloy sa Batis ng En-rogel.

8Buhat dito'y paahong tinahak ang Libis ng Ben Hinom na nasa timog ng burol ng mga Jebuseo (na tinatawag ding Jerusalem). Umahon uli patungo sa taluktok ng bundok na nasa tapat ng kanluran ng Libis ng Ben Hinom at sa dulong hilaga ng Libis ng Refaim.

9Buhat sa taluktok ng bundok ay lumikong patungo sa Batis ng Neftoa, at lumabas sa mga lunsod sa Bundok ng Efron, at bumaling na papuntang Baala (na tinatawag ding Lunsod ng Jearim).

10Umikot sa kanluran ng Baala patungo sa Bundok ng Seir, nagdaan sa libis na hilaga ng Bundok Jearim (na tinatawag ding Kesalon), lumusong na patungong Beth-semes, at nagtuloy sa Timna.

11Buhat naman dito, umahon sa libis ng Bundok sa hilaga ng Ekron at bumaling na papuntang Sicron. Tinahak ang Bundok ng Baala, lumabas sa Jabneel, at nagtapos sa Dagat Mediteraneo na siyang naging

12hangganan sa kanluran. Ito ang mga hangganan ng lupaing napapunta sa lipi ni Juda na pinaghati-hatian ng mga angkang bumubuo ng lipi.

### Sinakop ni Caleb ang Hebron at Debir
(Huk. 1:11-15)

13Gaya ng sinabi ni Yahweh kay Josue, isang bahagi ng lupaing kaparte ng lipi ni Juda ay ibinigay kay Caleb na anak ni Jefune. Ibinigay sa kanya ang Hebron, ang lunsod na dating sakop ni Arba na ama ni Anac.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Pinalayas ni Caleb sa lupaing iyon ang tatlong anak na lalaki ni Anac: sina Sesai, Ahiman at Talmai.

15Pagkatapos, nilusob niya ang Debir, na noong una'y tinatawag na Lunsod ng Sefer.

16At sinabi ni Caleb, “Ipakakasal ko ang anak kong si Acsa sa sinumang sumalakay at sumakop sa Lunsod ng Sefer.”

17Si Otniel na anak ni Kenaz na kapatid ni Caleb ang nakagawa niyon, kaya't si Acsa'y ipinakasal ni Caleb kay Otniel.

18Nang makasal na ang dalawa, sinabi ni Otniel sa asawa na humingi ng isang bukirin kay Caleb na kanyang ama. Pumunta nga si Acsa kay Caleb, at pagkababa sa asnong sinasakyan, tinanong siya ni Caleb, “Anong kailangan mo?”

19Sumagot si Acsa, “Bigyan mo po ako ng makukunan ng tubig, sapagkat lupang tigang ang ibinigay mo sa akin.” Kaya't ibinigay sa kanya ni Caleb ang mga bukal sa gawing itaas at sa gawing ibaba.

**Ang mga Lunsod ng Juda**

20Ito ang mga lupaing napapunta sa lipi ni Juda, at pinaghati-hatian ng mga angkang bumubuo ng lipi.

21Ang mga lunsod na nasa kadulu-duluhang timog, sa may hangganan ng Edom ay ang Cabzeel, Eder at Jagur;

22Cina, Dimona at Adada;

23Kades, Hazor at Itnan;

24Zif, Telem at Bealot;

25Hazor-hadata, Kiryot-hesron (na tinatawag ding Hazor);

26Amam, Shema at Molada;

27Hazar-gada, Hesmon at Beth-pelet;

28Hazar-shual, Beer-seba at Bizotia;

29Baala, Iyim at Ezem;

30Eltolad, Cesil at Horma;

31Ziklag, Madmana at Sansana;

32Lebaot, Silhim, Ayin at Rimon; dalawampu't siyam na lunsod, kasama ang mga nayon sa palibot.

33Ang mga lunsod sa kapatagan ay ang sumusunod: Estaol, Zora at Asena;

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

34Zanoa, En-ganim, Tapua at Enam;

35Jarmut, Adullam, Soco at Azeka;

36Saaraim, Aditaim, Gedera at Gederotaim. Lahat-lahat ay labing-apat na lunsod pati ang mga nayong nasa paligid.

37Kasama rin ang mga sumusunod: Zenan, Hadasa at Migdal-gad;

38Dilan, Mizpa at Jokteel;

39Laquis, Bozcat at Eglon;

40Cabon, Lamam at Kitlis;

41Gederot, Beth-dagon, Naama at Makeda; labing-anim na lunsod, kasama ang mga nayong nasa paligid.

42Kabilang din ang Libna, Eter at Asan;

43Jefte, Asena at Nezib;

44Keila, Aczib at Maresa—siyam na lunsod at ang mga nayon sa palibot.

45Gayon din ang lunsod ng Ekron at ang mga bayan at nayon sa paligid;

46ang lahat ng mga lunsod sa malapit sa Asdod buhat sa Ekron hanggang sa Dagat Mediteraneo.

47Kasama rin ang mga lunsod ng Asdod at Gaza, at ang mga bayan at nayong sakop nila, hanggang sa batis ng Egipto at baybayin ng Dagat Mediteraneo.

48Sa kaburulan naman ay ang mga lunsod ng Samir, Jatir, Soco;

49Dana, Kiryat Sanna (na tinatawag ding Debir),

50Anab, Estemoa at Anim;

51Goshen, Holon at Gilo—labing-isang lunsod, kasama pati ang kanilang mga nayon.

52Gayon din ang Arab, Duma at Eshan,

53Janim, Beth-tapua at Afeca;

54Humta, Lunsod ng Arba o Hebron at Sior—siyam na lunsod kasama ang mga nayon sa paligid.

55Kabilang pa rin ang Maon, Carmelo, Zif at Juta;

56Jezreel, Jocdeam at Zanoa,

57Cain, Gabaa at Timna—sampung lunsod at ang mga nayon sa paligid.

58Halhul, Beth-sur at Gedor,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[59]Meara, Beth-anot at Eltecon—anim na lunsod, kasama ang kanilang mga nayon.

[60]Kasama rin ang lunsod ng Baal (o Lunsod ng Jearim), at ang Rabba—dalawang lunsod kasama ang kanilang mga nayon.

[61]Sa ilang naman, ang Beth-araba, Midin at Secaca;

[62]Nibsan, ang Lunsod ng Asin at En-gedi—anim na lunsod, kasama pati ang mga nayon sa paligid nila.

[63]Ngunit hindi napaalis ng lipi ni Juda ang mga Jebuseo na naninirahan sa Jerusalem, kaya hanggang ngayo'y kasama nilang naninirahan doon ang mga ito.

## Josue 16

### Ang Lupaing para sa Lipi ng Efraim at Manases

[1]Ang lupaing napapunta sa angkan ni Jose ay nagsisimula sa Jordan sa tapat ng Jerico—sa silangan ng batis ng Jerico; papunta sa ilang, at umahon sa kaburulan hanggang sa Bethel;

[2]buhat sa Bethel ay nagtuloy sa Luz at nilakbay ang Atarot na lupain ng mga Arkita;

[3]bumabâ pakanluran sa lupain ng mga Jaflatita, nagdaan sa hangganan ng Timog Beth-horon, tumuloy ng Gezer, at nagwakas sa Dagat Mediteraneo.

[4]Ito ang lupaing napapunta sa angkan ni Jose, sa mga lipi ni Efraim at Manases.

[5]Ang hangganang silangan ng lupaing napunta sa lipi ni Efraim ay ang Atarot-adar, hanggang sa Hilagang Beth-horon.

[6]Buhat doon ay naglakbay sa timog ng Micmetat, at nagtungo sa Dagat Mediteraneo. Sa gawing silanga'y lumikong patungo sa Taanat-silo, at buhat doo'y nagtuloy sa may silangan ng Janoa.

[7]Lumampas ng Janoa at bumabâ sa Atarot at Naara, nagdaan sa tabi ng Jerico at nagtapos sa Jordan.

[8]Pumakanluran buhat sa Tapua, namaybay ng batis ng Cana, at nagtapos sa Dagat Mediteraneo. Ito ang lupaing napapunta sa lipi ni Efraim,

[9]bukod sa mga bayan at nayong ibinigay sa kanila sa nasasakupan ng lupain ng lipi ni Manases.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Hindi na nila pinaalis ang mga Cananeong nakatira sa Gezer, kaya may mga Cananeong naninirahan sa Efraim hanggang ngayon. Subalit sapilitang pinagtrabaho ang mga ito bilang mga alipin.

## Josue 17

1Isang bahagi ng lupain ang ibinigay sa lipi ni Manases, sapagkat siya'y panganay ni Jose. Ibinigay ang Gilead at Bashan kay Maquir na ama ni Gilead, anak na panganay ni Manases, sapagkat siya'y isang mandirigma.

2Binigyan din ng kani-kanilang bahagi sa lupain ang mga angkan nina Abiezer, Helec, Asriel, Shekem, Hefer at Semida. Sila ang mga anak na lalaki ni Manases, at mga pinuno ng kani-kanilang angkan.

3Ngunit si Zelofehad na anak ni Hefer at apo ni Gilead na anak naman ni Maquir at apo ni Manases, ay walang anak na lalaki. Babae lahat ang anak niya, at ang pangalan nila'y Mahla, Noa, Hogla, Milca at Tirza.

4Lumapit sila kay Eleazar na pari, kay Josue na anak ni Nun, at sa mga pinuno ng bayan. Sinabi nila, “Iniutos ni Yahweh kay Moises na bigyan din kami ng lupain, gaya ng ginawa niya sa iba naming kapatid.” Kaya't ayon sa utos ni Yahweh, binigyan din sila ng bahagi tulad ng kanilang mga kamag-anak na lalaki.

5Ito ang dahilan kung bakit ang lipi ni Manases ay tumanggap pa ng sampung parte, bukod sa Gilead at Bashan sa kabila ng Jordan.

6Binigyan din ng kanilang kaparte ang mga anak na babae. Ang Gilead ay napunta sa ibang mga anak na lalaki ni Manases.

7Ang lupain ng lipi ni Manases ay mula sa Asher hanggang sa Micmetat na nasa tapat ng Shekem. Buhat doon, nagtuloy ang hangganan sa En-tapua.

8Talagang bahagi ng Manases ang lupain ng Tapua, ngunit ang bayan ng Tapua na nasa gilid ng hangganan ng Manases ay kabilang sa mga bayang napapunta sa lipi ni Efraim.

9Ang hanggana'y nagtuloy sa batis ng Cana, namaybay rito, at nagtapos sa Dagat Mediteraneo. Bahagi ng Efraim ang mga lunsod na nasa timog ng batis, kahit na malapit ang mga ito sa mga lunsod ng Manases.

10Ang lupain ng Efraim ay nasa timog ng batis at ang lupain ng Manases ay nasa hilaga. Ang Dagat Mediteraneo ang hangganan nila sa kanluran. Katabi ng lipi ni Manases ang Asher sa dulong hilaga, at ang Isacar sa dakong silangan.

11Sa loob ng lupain ng Isacar at Asher ay may mga lunsod pa ring napunta sa lipi ni Manases: ang mga lunsod ng Beth-sean at Ibleam, pati ang mga

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

nayon sa paligid, gayundin ang mga naninirahan sa Dor, Endor, Taanac at Megido, at sa kanilang mga nayon sa paligid.

12Ngunit hindi napaalis lahat ng mga taga-Manases ang mga naninirahan sa mga nasabing lunsod, kaya't nanatili roon ang mga Cananeo.

13Subalit nang maging mas makapangyarihan ang mga Israelita, hindi na nila lubusang pinaalis ang mga Cananeo ngunit sapilitan nilang pinagtrabaho ang mga ito bilang alipin.

14Lumapit kay Josue ang mga lipi ni Jose at kanilang sinabi, “Bakit iisang bahagi ang ibinigay mo sa amin, gayong napakarami namin sapagkat pinagpala kami ni Yahweh?”

15Sumagot si Josue, “Kung hindi sapat sa inyo ang kaburulan ng Efraim, pasukin ninyo at linisan ang mga kagubatan sa lupain ng mga Perezeo at mga Refaita.”

16Tumutol pa ang mga lipi ni Jose, “Hindi pa rin sapat sa amin ang kaburulan. Hindi naman namin kaya ang mga Cananeo sa kapatagan sapagkat sila'y may mga karwaheng bakal; gayundin ang mga Cananeo sa Beth-sean, sa mga nayon sa paligid, at sa Kapatagan ng Jezreel.”

17Sumagot muli si Josue, “Kayo'y napakarami at makapangyarihan. Hindi lamang iisa ang magiging kaparte ninyo.

18Mapapasa-inyo ang kaburulan. Kahit na kagubatan pa ngayon, lilinisan ninyo at titirhan ang kabuuan niyon. Mapapalayas ninyo ang mga Cananeo kahit na makapangyarihan sila at may mga karwaheng bakal.”

## Josue 18

### Ang Paghahati sa Iba pang Bahagi ng Lupain

1Matapos nilang sakupin ang lupaing iyon, ang buong Israel ay nagtipon sa Shilo at itinayo roon ang Toldang Tipanan.

2Pitong lipi ni Israel ang hindi pa tumatanggap ng kanilang kaparte sa lupain.

3Kaya sinabi sa kanila ni Josue, “Kailan pa ninyo sasakupin ang lupaing ibinigay sa inyo ni Yahweh, ang Diyos ng inyong mga ninuno?

4Pumili kayo ng tatlong lalaki sa bawat lipi. Lilibutin nila ang buong lupain upang gumawa ng plano sa paghahati nito para sa kanila. Pagbalik nila,

5hahatiin sa pito ang buong lupain. Ngunit hindi magagalaw ang bahagi ni Juda sa timog ni ang bahagi ni Jose sa hilaga.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Gagawa kayo ng plano at ilalagay roon ang kani-kanilang hangganan. Ibibigay sa akin ang plano at gagawin ko ang palabunutan ayon sa utos ni Yahweh.

7Hindi tatanggap ng bahagi ang mga Levita sapagkat ang bahagi nila'y ang paglilingkod kay Yahweh bilang mga pari. Ang mga lipi naman nina Gad at Ruben, at ang kalahati ng lipi ni Manases ay matatag na sa lupaing ibinigay sa kanila ni Moises sa ibayo ng Jordan."

8Nang humarap sa kanya ang mga napili, sinabi sa kanila ni Josue, "Lumakad na kayo at tingnan ninyo ang lupain. Gumawa kayo ng ulat at ibigay sa akin sa inyong pagbabalik. Ako ang gagawa ng palabunutan dito sa Shilo para sa inyo, ayon sa utos ni Yahweh."

9Sinuri nga nila ang buong lupain, at hinati sa pito. Itinala nila ang mga lunsod at bayang saklaw ng bawat bahagi. Pagkatapos, bumalik sila kay Josue sa Shilo.

10Ginawa nga ni Josue ang palabunutan ayon sa utos ni Yahweh, at sa pamamagitan nito'y binigyan niya ang bawat lipi ng kani-kanilang kaparte sa lupain.

**Ang Bahagi ng Lipi ni Benjamin**

11Nasa pagitan ng lupain ng lipi ni Juda at ni Jose ang lupaing napapunta sa mga angkan ng lipi ni Benjamin.

12Sa hilaga, ang hangganan nito'y nagsimula sa Ilog Jordan; umahon sa hilaga ng Jerico, napakanluran sa kaburulan, at nagtapos sa ilang ng Beth-aven.

13Buhat dito'y nagtungo sa gulod, sa gawing timog ng Luz (na tinatawag na Bethel). Nagtuloy sa Atarot-adar, na nasa kabundukan sa timog ng Beth-horong ibaba.

14Buhat naman sa kanluran ng bundok na nasa timog ng Beth-horon ay lumiko papuntang timog, at nagtapos sa lunsod ng Baal (na ngayo'y tinatawag na lunsod ng Jearim), isang lunsod ng lipi ni Juda. Ito ang hangganan sa kanluran.

15Sa timog, ang hangganan ng lupaing ito'y nagsimula sa gilid ng Lunsod ng Jearim at nagtapos sa batisan ng Neftoa.

16Lumusong patungo sa paanan ng bundok na nasa silangan ng Libis ng Ben Hinom at hilaga ng Libis ng Refaim, tinahak ang Libis ng Ben Hinom na nasa timog ng bundok ng mga Jebuseo, at nagtuloy sa En-rogel.

17Buhat dito'y lumusong pahilaga patungo sa En-shemes. Nagtuloy ng Gelilot na nasa tapat ng tawiran ng Adumim, at lumusong sa Bato ni Bohan na anak ni Ruben.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Dumaan sa hilagang gulod ng Bundok ng Beth-araba, at lumusong sa Araba.

19Dumaan sa hilaga ng Bundok ng Beth-hogla at nagtapos sa pinagtagpuan ng Dagat na Patay at ng Ilog Jordan. Ito ang hangganan sa timog.

20Ang Ilog Jordan naman ang hangganan sa gawing silangan. Ito ang mga hangganan ng lupaing napapunta sa lipi ni Benjamin.

21Ang mga lunsod na napapunta sa lipi ni Benjamin ay ang Jerico, Beth-hogla at Emec-casis;

22Beth-araba, Zemaraim at Bethel;

23Avim, Para at Ofra;

24Kefar-ammoni, Ofni at Geba. Labindalawang lunsod kasama ang mga nayon sa paligid.

25Kasama rin ang Gibeon, Rama at Beerot;

26Mizpa, Cefira at Moza;

27Requem, Irpeel at Tarala;

28Zela, Elef at Jebus (o Jerusalem), Gibeat, at Lunsod ng Jearim—labing-apat na lunsod kasama ang kanilang mga nayon. Ito ang bahagi ni Benjamin ayon sa kani-kanilang mga angkan.

## Josue 19

### Ang Bahagi ng Lipi ni Simeon

1Pangalawang lumabas sa palabunutan ang bahagi ng lipi ni Simeon. Nasa loob ng lupain ng Juda ang lupaing ibinigay sa kanila.

2Sakop nito ang Beer-seba, Seba at Molada;

3Hazar-shual, Bala at Ezem;

4Eltolad, Bethul at Horma;

5Ziklag, Beth-marcabot at Hazar-susa;

6Beth-lebaot at Saruhen—labingtatlong lunsod at bayan ang sakop nila.

7Kasama rin ang apat na lunsod ng Ayin, Rimon, Eter at Asan at ang mga karatig-bayan nito.

8Sakop nito ang mga nayon sa paligid hanggang Baalat-beer o Rama ng Negeb. Ito ang lupaing napunta sa lipi ni Simeon bilang bahagi nila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[9]Ang bahaging ito ay nasa loob ng teritoryo ng Juda; sapagkat ang lipi ni Juda ay tumanggap nang higit sa kanilang kinakailangan, ang bahagi nito ay ibinigay sa lipi ni Simeon.

**Ang Bahagi ng Lipi ni Zebulun**

[10]Pangatlong lumabas sa palabunutan ang bahagi ng lipi ni Zebulun. Ang lupaing napunta sa kanila ay abot sa Sarid.

[11]Buhat dito ang kanyang hanggana'y umahong pakanluran patungo sa Marala, nagtuloy sa Dabeset, at sa batis na nasa silangan ng Jokneam.

[12]Buhat din sa Sarid, ang hanggana'y pumasilangan hanggang sa Kislot-tabor, lumabas patungong Daberat, at umahon sa Jafia.

[13]Buhat doon, nagpatuloy sa Gat-hefer, nagdaan ng Itcazin, lumabas sa Rimon, at lumikong patungo sa Nea.

[14]Sa hilaga naman, ang hanggana'y lumikong patungo sa Hanaton, at nagtapos sa Kapatagan ng Jefte-el.

[15]Ito ang mga lunsod ng Zebulun: Catat, Nahalal, Simron, Idala, Bethlehem—labindalawang lunsod kasama ang mga nayon nito.

[16]Ang mga lunsod na ito at ang mga nayong sakop nila ang napapunta sa lipi ni Zebulun.

**Ang Bahagi ng Lipi ni Isacar**

[17]Napunta sa lipi ni Isacar ang pang-apat na bahagi.

[18]Sakop nito ang Jezreel, Kesulot at Sunem;

[19]Hafaraim, Shion at Anaharat;

[20]Rabit, Cision at Ebez;

[21]Remet, En-ganim, En-hada at Beth-pazez.

[22]Abot sa Tabor, sa Sahazuma at Beth-semes ang kanyang mga hangganan, at nagtapos sa Ilog Jordan. Labing-anim na lunsod, kasama ang kanilang mga sakop na nayon, ang nasasaklaw ng lupaing ito.

[23]Ang mga lunsod at bayang ito ang bahaging napunta sa lipi ni Isacar.

**Ang Bahagi ng Lipi ni Asher**

[24]Napunta naman sa lipi ni Asher ang ikalimang bahagi.

[25]Sakop nito ang Helcat, Hali, Bethen at Acsaf;

[26]ang Alamelec, Amad at Misal; abot sa Carmelo at sa Sihor-libnat ang hangganan sa kanluran.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Sa pasilangan naman, ang hanggana'y nagtungo sa Beth-dagon, at sa pahilaga, nagdaan sa gilid ng Zebulun at sa Kapatagan ng Jefte-el patungong Beth-emec at Neiel at nagtuloy sa Cabul.

28Saklaw pa rin sa gawing hilaga ang Ebron, Rehob, Hamon, Cana at hanggang sa Dakilang Sidon.

29Pagkatapos, ang hanggana'y lumikong patungo sa Rama, at nagtuloy sa Tiro, isang lunsod na napapaligiran ng pader; lumikong muli patungong Hosa, at nagtapos sa Dagat Mediteraneo. Kasama sa hilagang-silangan ng lupaing iyon ang Mahalab, Aczib,

30Uma, Afec at Rehob—dalawampu't dalawang lunsod, kasama ang mga nayong sakop nila.

31Ang mga lunsod at nayong ito ang naging bahagi ng mga angkan ng lipi ni Asher.

**Ang Bahagi ng Lipi ni Neftali**

32Napunta naman sa lipi ni Neftali ang ikaanim na bahagi.

33Buhat sa Helef, sa gubat ng mga punong roble sa Zaananim, ang hangganan nito'y nagtungo sa Adamineceb, lumampas ng Jabneel, nagtuloy sa Lacum at nagtapos sa Jordan.

34Sa pakanluran naman, ang hanggana'y nagtungo sa Aznot-tabor at lumampas na papuntang Hucoca. Karatig ng lupaing ito sa timog ang lupain ng Zebulun, sa kanluran ang lupain ng Asher, at sa silangan ang Juda sa kabila ng Jordan.

35Ito ang mga lunsod ng Neftali na may mga pader: Sidim, Ser, Hamat, Racat, Cineret,

36Adama, Rama, Hazor,

37Kades, Edrei, En-hazor,

38Jiron, Migdal-el, Horem, Beth-anat at Beth-semes—labinsiyam na lunsod kasama ang mga nayong sakop nila.

39Ang mga lunsod at nayong ito ang naging bahagi ng lipi ni Neftali.

**Ang Bahagi ng Lipi ni Dan**

40Napapunta sa lipi ni Dan ang ikapitong bahagi.

41Sakop nito ang mga sumusunod: Zora, Estaol, Ir-semes,

42Saalabin, Ayalon, Itla,

43Elon, Timna, Ekron,

44Elteque, Gibeton, Baalat,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[45]Jehud, Bene-berac, Gat-rimon,

[46]Me-jarcon, Racon at ang lupaing nasa tapat ng Joppa.

[47]May mga lupain para sa lipi ni Dan na hindi pa nila nasasakop. Kaya't nang kulangin sila ng lupain, sinalakay nila ang Lesem, sinakop ito at nilipol ang mga tagaroon. Pagkatapos nilang makuha ang Lesem, pinalitan nila ang pangalan nito at tinawag na Dan, alang-alang kay Dan na kanilang ninuno.

[48]Ang mga lunsod at nayong ito ang naging bahagi ng lipi ni Dan, at pinaghati-hatian ng mga angkang bumubuo ng lipi.

**Ang Lupaing Ibinigay kay Josue**

[49]Matapos tanggapin ng mga Israelita ang kani-kanilang bahagi ng lupain, binigyan naman nila si Josue na anak ni Nun ng para sa kanya.

[50]Ayon sa ipinag-utos ni Yahweh, ibinigay nila sa kanya ang lunsod na kanyang hiniling, ang Timnat-sera na nasa lupain ng Efraim. Muli itong itinayo ni Josue at doon siya nanirahan.

[51]Ginawa ng paring si Eleazar at ni Josue na anak ni Nun ang pagbabahagi ng lupain sa pamamagitan ng palabunutan. Ginawa nila ito sa Shilo, sa harapan ni Yahweh, sa may pintuan ng Toldang Tipanan, katulong ang mga pinuno ng mga angkan. Sa ganitong paraan natapos ang pagbibigay sa bawat lipi ng kani-kanilang bahagi sa lupain.

## Josue 20

**Ang mga Lunsod-Kanlungan**

[1]Sinabi ni Yahweh kay Josue,

[2]“Sabihin mo sa bayang Israel na pumili sila ng mga lunsod-kanlungan ayon sa sinabi ko kay Moises.

[3]Ang makapatay nang di sinasadya ay maaaring tumakbo roon upang makaligtas sa paghihiganti ng namatayan.

[4]Maaari siyang tumakbo sa isa sa mga lunsod na ito, humarap sa hukuman na nasa pagpasok ng lunsod, at ipaliwanag sa matatanda ang nangyari. Papapasukin siya, at doon papatirahin.

[5]Kapag sinundan siya roon ng mga nagnanais maghiganti, hindi siya isusuko ng mga tagaroon sapagkat nakamatay siya ng kapwa Israelita nang di sinasadya at hindi bunsod ng galit.

[6]Mananatili siya roon hanggang sa litisin sa harap ng mga taong-bayan, at hanggang hindi namamatay ang Pinakapunong Pari na nanunungkulan nang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

panahong iyon. Kung mangyari ito, maaari na siyang umuwi sa kanyang sariling bayan kung saan siya'y nakapatay.”

7Pinili nga nila ang Kades, sa Galilea, sa kaburulan ng Neftali; ang Shekem sa kaburulan ng Efraim; at ang Lunsod ng Arba (o Hebron) sa kaburulan ng Juda.

8Sa ibayo naman ng Jordan, sa kaburulang nasa silangan ng Jerico, pinili nila ang Bezer sa lupain ni Ruben; ang Ramot sa Gilead, sa lupain ni Gad; at ang Golan sa Bashan, sa lupain ni Manases.

9Ito ang mga lunsod-kanlungan na pinili para sa mga Israelita at para sa sinumang dayuhang naninirahang kasama nila. Ang makapatay nang di sinasadya ay maaaring pumunta roon hanggang sa siya'y litisin sa harap ng mga taong-bayan, upang huwag mapatay ng mga kamag-anak ng namatay.

## Josue 21

### Ang mga Lunsod ng mga Levita

1Ang mga pinuno ng mga angkan sa lipi ni Levi ay lumapit sa paring si Eleazar, gayundin kay Josue na anak ni Nun, at sa mga pinuno ng mga angkan ng buong Israel.

2Nasa Shilo pa sila noon, sa lupain ng Canaan. Sinabi nila, “Ipinag-utos ni Yahweh sa pamamagitan ni Moises na kami'y bigyan ng mga lunsod na matitirhan at mga pastulan sa palibot para sa aming mga kawan.”

3Dahil dito, ang mga anak ni Levi ay binigyan nga ng mga Israelita ng mga lunsod at pastulan mula sa kani-kanilang bahagi, ayon sa utos ni Yahweh.

4Unang tumanggap ng mga lunsod ang mga sambahayan sa angkan ni Kohat. Labingtatlong lunsod mula sa mga lipi ni Juda, Simeon at Benjamin ang ibinigay sa mga angkan ng mga pari sa lahi ni Aaron.

5Ang ibang mga sambahayan sa angkan ni Kohat ay tumanggap ng sampung lunsod mula sa lipi ni Efraim, ni Dan at sa kalahati ng lipi ni Manases.

6Ang mga sambahayan sa angkan ni Gershon ay binigyan ng labingtatlong lunsod mula sa mga lipi ni Isacar, ni Asher, ni Neftali at sa kalahati ng lipi ni Manases na nasa Bashan.

7Ang mga sambahayan sa angkan ni Merari ay tumanggap ng labindalawang lunsod mula sa mga lipi nina Ruben, Gad at Zebulun.

8Sa pamamagitan ng palabunutan, ayon sa iniutos ni Yahweh sa pamamagitan ni Moises, binigyan ng mga Israelita ang mga anak ni Levi ng mga lunsod at mga pastulan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9 Ito ang mga pangalan ng mga lunsod na galing sa mga lipi ni Simeon at ni Juda, na ibinigay sa

10 mga anak ni Aaron, mula sa angkan ni Kohat na anak ni Levi. Sila ang unang nabigyan batay sa palabunutan.

11 Tinanggap nila ang Lunsod ng Arba (si Arba ang ninuno ng mga Anaceo) na ngayo'y tinatawag na Hebron sa kaburulan ng Juda. Kasama nito ang mga pastulan sa palibot.

12 Ngunit ang mga bukirin ng bayan at ng mga nayon ay ibinigay na kay Caleb na anak ni Jefune, bilang kanyang bahagi sa lupain.

13 Ito pa ang mga lunsod na ibinigay sa mga anak ng paring si Aaron: ang Hebron na isa sa mga lunsod-kanlungan, at ang mga pastulang sakop nito; ang Libna, kasama rin ang mga pastulan nito;

14 ang Jatir, Estemoa,

15 Holon, Debir,

16 Ayin, Juta at Beth-semes, kasama rin ang mga pastulan nito. Siyam na lunsod ang galing sa mga lipi ni Simeon at ni Juda.

17 Mula naman sa lipi ni Benjamin, tinanggap nila ang Gibeon, Geba,

18 Anatot, at Almon—apat na lunsod, kasama ang pastulan ng mga ito.

19 Lahat-lahat, ang mga angkang ito buhat sa lahi ni Aaron ay tumanggap ng labingtatlong lunsod, kasama ang mga pastulan nito.

20 Ang ibang mga Levita sa angkan ni Kohat ay tumanggap ng ilang lunsod mula sa lipi ni Efraim.

21 Ibinigay sa kanila ang Shekem na isa rin sa mga lunsod-kanlungan sa kaburulan ng Efraim, kasama ang mga pastulan nito. Ibinigay rin sa kanila ang Gezer,

22 Kibzaim at Beth-horon, gayundin ang mga pastulan nito. Apat na lunsod ang galing sa lipi ni Efraim.

23 Binigyan din sila ng apat na lunsod mula sa lipi ni Dan: ang Elteque, Gibeton,

24 Ayalon, at Gat-rimon, kasama ang mga pastulan nito.

25 Dalawa naman ang galing sa kalahating lipi ni Manases sa kanluran ng Jordan: Taanac at Gat-rimon kasama rin ang mga pastulan nito.

26 Sampung lunsod lahat pati ang mga pastulan nito, ang napunta sa mga sambahayan sa angkan ni Kohat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Ang mga sambahayan sa angkan ni Gershon na anak ni Levi ay tumanggap
naman ng dalawang lunsod buhat sa kalahating lipi ni Manases sa silangan
ng Jordan. Napunta sa kanila ang Golan na sakop ng Bashan at isang
lunsod-kanlungan, pati ang Beestera, kasama ang mga pastulan nito.

28Buhat naman sa lipi ni Isacar, tumanggap sila ng apat na lunsod: ang Cision
at Daberat,

29Jarmut at En-ganim, kasama ang mga pastulan nito.

30Apat ding lunsod ang tinanggap nila sa lipi ni Asher: ang Misal, Abdon,

31Helcat, at Rehob, kasama ang mga pastulan nito.

32Tatlong lunsod ang tinanggap nila sa lipi ni Neftali: ang Kades sa Galilea,
isang lunsod-kanlungan, Hamotdor at Cartan, kasama ang mga pastulan
nito.

33Labingtatlong lunsod lahat ang napunta sa mga Levitang buhat sa angkan
ni Gershon.

34Ang mga lunsod na ito mula sa lipi ni Zebulun ay tinanggap ng iba pang
Levita, mga angkang buhat sa lahi ni Merari: ang Jokneam, Carta,

35Dimna, at Nahalal—apat na lunsod, kasama ang mga pastulan nito.

36Buhat naman sa lipi ni Ruben, tinanggap nila ang Bezer, Jahaz,

37Kedemot, at Mefaat—apat na lunsod, kasama ang mga pastulan nito.

38At buhat sa lipi ni Gad, tinanggap nila ang Ramot sa Gilead, isa pa rin sa
mga lunsod-kanlungan, Mahanaim,

39Hesbon, at Jazer—apat na lunsod, kasama ang kanilang mga pastulan.

40Labindalawang lunsod, kasama ang kanilang mga pastulan, ang tinanggap
ng mga sambahayan sa angkan ni Merari.

41Apatnapu't walong lunsod lahat, kasama ang kanilang mga pastulan, ang
binawas sa lupain ng labing-isang lipi ni Israel at ibinigay sa mga Levita.

42May kanya-kanyang pastulan ang bawat lunsod na ito.

**Ang Pagsakop ng Israel sa Buong Lupain**

43Ibinigay nga ni Yahweh sa bayang Israel ang lahat ng lupaing ipinangako
niya sa kanilang mga ninuno. Kaya't nang masakop na nila ang buong lupain,
doon na sila nanirahan.

44Binigyan sila ni Yahweh ng kapayapaan sa buong lupain, ayon sa
ipinangako niya sa kanilang mga ninuno. Hindi sila natalo kailanman ng
kanilang mga kaaway, sapagkat pinagtatagumpay sila ni Yahweh laban sa
lahat ng kaaway.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[45]Tinupad ni Yahweh ang lahat ng ipinangako niya sa sambayanang Israel.

## Josue 22

### Ang Altar sa Tabi ng Jordan

[1]Pagkatapos, tinipon ni Josue ang mga mandirigma ng lipi ni Ruben, ni Gad at kalahati ng lipi ni Manases.

[2]Sinabi niya, “Tinupad ninyo ang lahat ng tagubilin sa inyo ni Moises na lingkod ni Yahweh, at sinunod ninyo ang bawat utos ko.

[3]Hanggang sa panahong ito'y hindi ninyo pinabayaan ang mga kapatid ninyong Israelita. Tinupad ninyong mabuti ang lahat ng ipinag-utos ni Yahweh na inyong Diyos.

[4]At ngayon, naibigay na ni Yahweh na inyong Diyos sa inyong mga kapatid ang kapayapaang ipinangako niya. Kaya umuwi na kayo sa inyong mga tahanan sa kabila ng Jordan, sa lupaing ibinigay sa inyo ni Moises na lingkod ni Yahweh.

[5]Huwag lamang ninyong kakalimutang sundin ang mga tagubilin at kautusang ibinigay ni Moises sa inyo, “Ibigin ninyo si Yahweh na inyong Diyos. Sundin ninyo ang kanyang kalooban at tuparin ang kanyang mga utos. Maging tapat kayo sa kanya at paglingkuran ninyo siya nang buong puso't kaluluwa.”

[6]Binasbasan sila ni Josue, at umuwi na sila.

[7]Ang kalahati ng lipi ni Manases ay binigyan ni Moises ng lupain sa Bashan; ang kalahati ay binigyan ni Josue ng lupa sa kanluran ng Jordan, katabi ng iba pang lipi ng Israel. Nang sila'y pauwi na, binasbasan sila ni Josue

[8]at sinabi sa kanila, “Mayayaman kayong babalik sa inyo—maraming baka, ginto, pilak, tanso, bakal at mga damit. Bahaginan ninyo ng mga nasamsam ninyo sa mga kaaway ang inyong mga kapatid.”

[9]Umuwi na nga ang mga mandirigma ng lipi ni Ruben, ni Gad at kalahati ng lipi ni Manases. Iniwan nila sa Canaan ang ibang mga Israelita at bumalik sila sa Gilead, sa lupaing naging bahagi nila ayon sa iniutos ni Yahweh sa pamamagitan ni Moises.

[10]Pagdating nila ng Jordan na nasa panig ng Canaan, nagtayo sila ng isang mataas at malaking altar sa tabi ng ilog.

[11]Nalaman ito ng ibang mga Israelita at ganito ang kumalat na usap-usapan, “Alam ninyo, nagtayo ang mga lipi ni Ruben, ni Gad at ng kalahati ng lipi ni Manases ng isang altar sa hangganan ng Canaan bago tumawid ng Jordan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Pagkarinig nito'y nagtipun-tipon sila sa Shilo at humandang digmain ang nasabing mga lipi.

13Sinugo ng bayang Israel si Finehas na anak ng paring si Eleazar, upang kausapin ang mga lipi ni Ruben, ni Gad at kalahati ng lipi ni Manases.

14May kasama siyang sampung pinuno ng mga angkang buhat sa bawat lipi ni Israel. Bawat isa sa kanila ay pinuno ng mga angkan sa kani-kanilang mga lipi.

15Pagdating sa Gilead, sinabi nila sa mga lipi ni Ruben, ni Gad at kalahati ng lipi ni Manases,

16“Ito ang ipinapasabi sa inyo ng buong sambayanan ni Yahweh: ‘Bakit ninyo ginawa ang ganitong pagtataksil sa Diyos ng Israel? Naghihimagsik kayo laban kay Yahweh sa pagtatayo ninyo ng sariling altar. Siya'y tinalikuran ninyo.

17Nalimutan na ba ninyo ang kasalanan natin sa Peor? Hanggang ngayon nga'y nagtitiis pa tayo sa parusang salot na iginawad ni Yahweh sa atin! Hindi pa ba sapat iyon,

18at ngayo'y nangahas pa kayong talikuran siya? Kapag naghimagsik kayo kay Yahweh ngayon, bukas din ay magagalit siya sa buong Israel.

19Kaya, kung ang inyong lupain ay hindi angkop sa pagsamba sa kanya, tumawid kayo sa gawi namin, sa kinaroroonan ng kanyang tabernakulo. Doon na kayo manirahan, huwag lamang kayong magtayo ng ibang altar maliban sa altar ni Yahweh na ating Diyos, sapagkat iyan ay paghihimagsik laban sa kanya at sa amin.

20Nakalimutan na ba ninyo si Acan na anak ni Zera? Nang sumuway siya sa utos tungkol sa mga bagay na dapat sunugin, kasama niyang naparusahan ang buong Israel! Hindi lamang siya ang namatay dahil sa kanyang kasalanan.”

21Sumagot ang mga lipi ni Ruben, ni Gad at kalahati ng lipi ni Manases sa mga pinuno ng mga angkan ng Israel,

22“Si Yahweh ay Diyos ng mga diyos! Si Yahweh ang Makapangyarihan sa lahat. Siya lamang ang Diyos! Alam niya kung bakit ginawa namin ito, at dapat din ninyong malaman! Kung kami'y sumuway at kung kami'y nagtaksil kay Yahweh, huwag na niya kaming hayaang mabuhay sa araw na ito.

23Kung nagtayo kami ng sariling altar upang suwayin si Yahweh, kung nag-alay kami ng handog na susunugin, o handog na pagkaing butil, o handog na pinagsasaluhan, parusahan nawa kami ni Yahweh!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24“Ginawa namin ito sa takot na baka dumating ang araw na sabihin ng inyong mga anak sa aming mga anak, ‘Ano ang kinalaman ninyo kay Yahweh, ang Diyos ng Israel?

25Siya na rin ang nagtakda na ang Ilog Jordan ay maging hangganang maghihiwalay sa atin. Kayong mga lipi ni Ruben at ni Gad ay walang bahagi kay Yahweh na Diyos ng Israel.’ Kapag nangyari iyon, ang aming mga anak ay maaaring hadlangan ng inyong mga anak sa pagsamba kay Yahweh.

26Ang totoo, itinayo namin ang altar na ito, hindi upang pagsunugan o pag-alayan ng mga handog.

27Itinayo namin ito upang maging bantayog para sa amin, para sa inyo, at para sa ating mga salinlahi—upang maging katibayan na talagang sinasamba natin si Yahweh sa pamamagitan ng mga handog na susunugin, mga alay at handog na pinagsasaluhan. Sa ganoon, hindi masasabi ng inyong mga anak sa aming mga anak, ‘Wala kayong pakialam kay Yahweh.’

28At kung sakaling mangyari ito, masasabi ng aming mga anak, ‘Tingnan ninyo! Nagtayo ang aming mga ninuno ng isang altar na katulad ng altar ni Yahweh, hindi upang pagsunugan o pag-alayan ng mga handog, kundi upang maging saksi para sa amin at para sa inyo.’

29Kailanma'y hindi namin inisip sumuway kay Yahweh o tumalikod sa kanya. Hindi kami nagtayo ng iba pang altar na pagsusunugan ng handog, o pag-aalayan ng handog na pagkaing butil, o handog na pinagsasaluhan, bukod sa altar ni Yahweh—sa altar na nasa harap ng kanyang tabernakulo.”

30Narinig ni Finehas at ng mga pinuno ng mga angkan ng Israel na kasama niya, ang sinabi ng mga lipi nina Ruben, Gad at Manases, at nasiyahan sila.

31Kaya, sinabi sa kanila ni Finehas, ang anak ng paring si Eleazar, “Alam na namin ngayon na kasama natin si Yahweh sa araw na ito. Hindi kayo nagtaksil kay Yahweh, kaya iniligtas ninyo ang Israel sa parusa ni Yahweh.”

32Iniwan ni Finehas at ng mga pinuno ng mga angkan ang mga lipi ni Ruben at ni Gad sa lupain ng Gilead. Nagbalik na sila sa Canaan at iniulat sa Israel ang buong pangyayari.

33Natuwa ang mga Israelita at nagpuri sa Diyos. Hindi na nila muling nabanggit ang balak nilang paglusob at pagwasak sa lupain nina Gad at Ruben.

34Ang altar na iyon ay tinawag na “Saksi” sapagkat sabi ng mga lipi nina Gad at Ruben, “Saksi ito para sa ating lahat na si Yahweh ay siyang Diyos.”

## Josue 23

### Ang Pamamaalam ni Josue

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Marami nang taon ang lumipas buhat nang bigyan ni Yahweh ang bayang Israel ng kapayapaan. Hindi na sila ginagambala ng mga kaaway na nasa palibot nila. At matandang-matanda na si Josue,

2kaya tinipon niya ang buong Israel: ang matatanda, ang mga pinuno ng mga angkan, mga hukom at ang mga tagapangasiwa sa bayan. Sinabi niya, “Ako'y matanda na.

3Nasaksihan ninyo ang ginawa ni Yahweh sa lahat ng bansang ito dahil sa inyo. Si Yahweh na inyong Diyos ang nakipaglaban sa inyong mga kaaway.

4Kaya, makinig kayo! Ibinibigay ko sa inyong lahat bilang bahagi ng inyong mga lipi ang buong lupaing nasa pagitan ng Ilog Jordan sa gawing silangan, at ng Dagat Mediteraneo sa kanluran: ang lupain ng mga bansang nasakop ko na, gayundin ang mga lupaing hindi pa nasasakop.

5Si Yahweh na inyong Diyos ang siyang magpapalayas sa mga bansang iyon pagdating ninyo roon. Sila'y palalayasin niya sa kanilang mga lupain upang kayo ang manirahan doon, gaya ng ipinangako sa inyo ni Yahweh na inyong Diyos.

6Magpakatatag kayo at sundin ninyo ang lahat ng nasusulat sa aklat ng Kautusan ni Moises. Huwag kayong lilihis sa anumang ipinag-uutos nito.

7Huwag kayong makikisalamuha sa mga bansang natitira pa sa lupain ninyo. Huwag kayong mananalangin sa kanilang mga diyus-diyosan; huwag kayong manunumpa sa pangalan ng mga ito, at huwag din kayong sasamba o maglilingkod sa kanila.

8Sa halip ay manatili kayong tapat kay Yahweh na inyong Diyos, gaya ng ginagawa ninyo hanggang ngayon.

9Dahil diyan, pinalayas niya ang maraming malalaki at makapangyarihang bansa pagdating ninyo, at wala pang nakakatalo sa inyo hanggang ngayon.

10Ang isa sa inyo'y kayang patakbuhin ang sanlibong kaaway sapagkat si Yahweh na inyong Diyos ang siyang nakikipaglaban para sa inyo, tulad ng kanyang ipinangako.

11Kaya palagi ninyong ibigin si Yahweh na inyong Diyos.

12Kapag tinalikuran ninyo siya, at nakipagkaibigan kayo sa mga bansang natitira pa sa lupain ninyo, kapag nag-asawa kayo o nakisalamuha sa kanila,

13tandaan ninyo ito: hindi na palalayasin ni Yahweh ang mga bansang ito. Sa halip, sila'y magiging parang bitag para sa inyo, malupit na latigo sa inyong gulugod, tinik na tutusok sa inyong mga mata, hanggang sa maubos ang lahi ninyo sa lupaing ito na ibinigay sa inyo ni Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14“Malapit na akong pumanaw sa daigdig na ito. Alam ninyo sa inyong puso't kaluluwa na tinupad ng Diyos ninyong si Yahweh ang bawat mabuting bagay na ipinangako niya sa inyo. Wala siyang hindi tinupad.

15-16Ngunit tulad ng lahat ng magagandang bagay na ipinangako sa inyo ay tinupad ni Yahweh, maaari rin niyang gawin sa inyo ang lahat ng mga masasamang bagay hanggang sa kayo'y malipol sa masaganang lupaing ito na ibinigay ni Yahweh na inyong Diyos. Kapag hindi kayo tumupad sa kasunduang ibinigay niya sa inyo, at kayo'y sumamba at naglingkod sa mga diyus-diyosan, paparusahan niya kayo.”

## Josue 24

### Nagsalita si Josue sa mga Tao sa Shekem

1Tinipon ni Josue sa Shekem ang lahat ng lipi ng Israel. Pinapunta niya roon ang matatandang namumuno, mga tagapangasiwa, ang mga hukom at ang mga opisyal ng Israel, at sila'y humarap sa Diyos.

2Sinabi niya, “Ito ang ipinapasabi sa inyo ni Yahweh, ang Diyos ng Israel: ‘Noong una, ang inyong mga ninuno ay nanirahan sa kabila ng Ilog Eufrates. Isa sa mga ito si Terah na ama ni Abraham at ni Nahor. Sumamba sila sa mga diyus-diyosan.

3Tinawag ko si Abraham buhat sa lupaing iyon at dinala ko siya at pinatnubayan sa buong lupain ng Canaan. Pinarami ko ang lahing nagmula sa kanya. Ibinigay ko sa kanya si Isaac,

4at kay Isaac ay ibinigay ko si Jacob at si Esau. Ibinigay ko kay Esau ang kaburulan ng Seir bilang bahagi niya. Ngunit si Jacob at ang kanyang mga anak ay nagpunta sa Egipto.

5Isinugo ko si Moises at si Aaron, at sa pamamagitan ng mga salot ay pinahirapan ko ang mga Egipcio. Pagkatapos ay inilabas ko kayo roon.

6Inilabas ko sa Egipto ang inyong mga ninuno at nakarating sila sa Dagat na Pula. Hinabol sila ng mga Egipciong sakay ng mga karwahe at kabayo hanggang sa may dagat.

7Ang inyong mga ninuno'y humingi ng tulong sa akin, at naglagay ako ng dilim sa pagitan nila at ng mga Egipcio. Pinagsama kong muli ang nahating dagat at sila'y natabunan ng tubig. Nasaksihan ninyo ang mga ginawa ko sa mga Egipcio. At matagal kayong nanirahan sa ilang.

8“‘Pagkatapos, dinala ko kayo sa lupain ng mga Amoreo sa silangan ng Jordan. Nilabanan nila kayo, ngunit pinagtagumpay ko kayo laban sa kanila. Pinuksa ko sila at nasakop ninyo ang kanilang lupain.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Nilabanan kayo ng hari ng Moab na si Balac na anak ni Zippor at isinugo niya si Balaam na anak ni Beor upang sumpain kayo.

10Ngunit hindi ko hinayaang gawin ni Balaam iyon, sa halip pinagpala niya kayo. Sa ganoon, iniligtas ko kayo sa kamay ni Balac.

11Tumawid kayo ng Jordan at nakarating sa Jerico. Nilabanan kayo ng mga taga-Jerico at ng mga Amoreo, Perezeo, Cananeo, Heteo, Gergeseo, Hivita, at Jebuseo. Ngunit sila'y ibinigay ko sa inyong kapangyarihan.

12Parang hinabol ng mga putakti na nagtakbuhan ang dalawang haring Amoreo at pinalayas ko sila bago kayo dumating. Walang kinalaman sa pangyayaring iyon ang inyong mga tabak at pana.

13Binigyan ko kayo ng lupaing hindi ninyo binungkal. Pinatira ko kayo sa mga lunsod na hindi kayo ang nagtayo. Kumakain kayo ngayon ng ubas at olibo na galing sa mga punong hindi kayo ang nagtanim.'

14"Kaya ngayon, sambahin ninyo si Yahweh at paglingkuran ninyo siya nang buong puso't katapatan. Alisin ninyo ang mga diyus-diyosang dating sinasamba ng inyong mga ninuno sa Mesopotamia at sa Egipto. Si Yahweh lamang ang inyong paglingkuran.

15At kung ayaw ninyong maglingkod kay Yahweh, pumili kayo ngayon kung sino ang inyong paglilingkuran: ang mga diyos na pinaglingkuran ng inyong mga ninuno sa Mesopotamia, o ang mga diyos ng mga Amoreo, na sinasamba dito sa lupaing inyong tinitirhan. Ngunit para sa akin at sa aking sambahayan, kay Yahweh kami maglilingkod."

16Sumagot ang bayan, "Hindi namin magagawang talikuran si Yahweh at maglingkod sa ibang diyos!

17Si Yahweh, na ating Diyos, ang siyang humango sa atin sa pagkaalipin sa Egipto. Nasaksihan din namin ang mga kababalaghang ginawa niya upang tayo'y maingatan saanman tayo makarating at mailigtas sa mga kaaway sa mga bansang ating dinaanan.

18Pagdating natin, pinalayas ni Yahweh sa lupaing ito ang mga Amoreong nanirahan dito. Kaya't kay Yahweh rin kami maglilingkod sapagkat siya ang aming Diyos."

19Ngunit sinabi ni Josue sa taong-bayan, "Hindi ninyo kayang maglingkod kay Yahweh sapagkat siya'y isang Diyos na banal at siya'y mapanibughuing Diyos. Hindi niya palalampasin ang inyong mga pagsuway at pagkakasala.

20Kapag tinalikuran ninyo siya at naglingkod kayo sa mga diyos ng ibang bansa, kapopootan niya kayo at paparusahan. Hindi niya panghihinayangang lipulin kayo sa kabila ng kanyang mga kabutihan sa inyo."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Sumagot ang taong-bayan kay Josue, “Hindi po mangyayari iyan! Kay Yahweh kami maglilingkod.”

22Sinabi ni Josue, “Kayo na rin ang mga saksi na pinili ninyong paglingkuran si Yahweh.” Sumagot naman sila, “Opo! Saksi kami.”

23Sinabing muli ni Josue, “Kung gayon, itapon ninyo ang mga diyus-diyosang iniingatan pa ninyo. Manumpa kayo kay Yahweh, sa Diyos ng Israel.”

24Sumagot muli ang mga tao, “Maglilingkod kami kay Yahweh na aming Diyos at susundin namin ang kanyang mga utos.”

25Kaya, nang araw na iyon ay gumawa si Josue ng kasunduan para tuparin ng sambayanan. Binigyan niya sila sa Shekem ng mga batas at tuntunin.

26Isinulat ni Josue ang mga batas na ito sa Aklat ng Kautusan ng Diyos. Kumuha siya ng isang malaking bato, itinayo sa lilim ng sagradong puno sa Banal na Lugar ni Yahweh.

27At sinabi niya sa lahat, “Tingnan ninyo ang batong ito. Ito ang ating saksi. Narinig nito ang lahat ng sinabi sa atin ni Yahweh. Ito rin ang magiging saksi laban sa inyo, kapag kayo'y tumalikod sa Diyos.”

28Pagkatapos, pinaalis na ni Josue ang mga tao, at umuwi sila sa kani-kanilang lupain.

**Ang Pagkamatay ni Josue at ni Eleazar**

29Lumipas ang sandaling panahon at ang lingkod ni Yahweh na si Josue, na anak ni Nun, ay namatay sa gulang na 110 taon.

30Inilibing siya sa kanyang sariling lupain sa Timnat-sera, sa kaburulan ng Efraim, hilaga ng Bundok ng Gaas.

31Naglingkod kay Yahweh ang sambayanang Israel habang nabubuhay si Josue. Kahit wala na siya, nanatili pa rin silang tapat kay Yahweh habang nabubuhay ang mga pinunong nakasaksi sa lahat ng mga ginawa ni Yahweh para sa Israel.

32Dinala ng bayang Israel ang mga buto ni Jose nang sila'y umalis sa Egipto. Ibinaon nila ito sa Shekem, sa lupaing binili ni Jacob sa mga anak ni Hamor, na ama ni Shekem, sa halagang sandaang pirasong pilak. Ang lupaing ito ay kasama sa naging bahagi ng mga anak ni Jose.

33Namatay din si Eleazar na anak ni Aaron at inilibing sa Gibea, ang bayang ibinigay sa anak niyang si Finehas sa kaburulan ng Efraim.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Hukom

## Mga Hukom 1

### Nabihag ng Lipi nina Juda at Simeon ang Hari ng Bezek

1Pagkamatay ni Josue, nagtanong kay Yahweh ang mga Israelita, "Sino sa amin ang unang sasalakay sa mga Cananeo?"

2"Ang lipi ni Juda ang mauuna. Ipapasakop ko sa kanila ang lupain," sagot ni Yahweh.

3Sinabi ng mga kabilang sa lipi ni Juda sa mga kabilang sa lipi ni Simeon, "Tulungan ninyo kami sa pagsakop sa lugar na nakalaan para sa amin, at pagkatapos ay tutulungan naman namin kayo sa pagsakop sa lupaing para sa inyo." Tumulong nga ang lipi ni Simeon.

4Tinulungan sila ni Yahweh na matalo ang mga Cananeo at ang mga Perezeo. Umabot sa sampung libo ang napatay nila sa Bezek.

5Doon nila nilabanan ang hari ng Bezek, mga Cananeo at mga Perezeo.

6Tumakas ang hari ng Bezek ngunit hinabol nila ito, at nang mahuli ay pinutulan ng hinlalaki sa paa't kamay.

7Sinabi ng hari ng Bezek, "Pitumpung hari na ang naputulan ko ng hinlalaki ng paa't kamay, at pinamulot ng mumo sa ilalim ng aking mesa. Ngayo'y pinagbayad ako ng Diyos sa aking ginawa." Dinala ito sa Jerusalem at doon namatay.

### Nasakop ng Lipi ni Juda ang Jerusalem at Hebron

8Ang Jerusalem ay sinalakay at nasakop ng lipi ni Juda. Pinatay nila ang mga nakatira roon at sinunog ang lunsod.

9Pagkatapos, nilabanan naman nila ang mga Cananeo sa mga kaburulan, sa kapatagan at sa disyerto sa katimugan.

10Sinalakay ng lipi ng Juda ang mga Cananeong nasa Hebron, dating Lunsod ng Arba, at natalo nila sina Sesai, Ahiman at Talmai.

### Nasakop ni Otniel ang Debir

(Jos. 15:13-19)

11Mula sa Hebron, sinalakay naman nila ang Debir, ang dating Lunsod ng Sefer.

12Sinabi ni Caleb, "Ang anak kong si Acsa ay ibibigay ko para maging asawa ng sinumang makakasakop sa Lunsod ng Sefer."

13Si Otniel na anak ni Kenaz at pamangkin ni Caleb ang nakasakop sa lunsod, kaya siya ang napangasawa ni Acsa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Nang sila'y ikasal na, inutusan ni Otniel si Acsa na humingi ng bukirin sa kanyang amang si Caleb. Kaya, nagpunta si Acsa kay Caleb. Pagdating doon, tinanong naman siya agad nito kung ano ang kailangan niya.

15"Bigyan mo po sana ako ng lugar na may tubig. Ang lupang ibinigay mo sa akin ay walang mapagkukunan ng tubig," sabi ni Acsa. At ibinigay sa kanya ni Caleb ang mga balon sa gawing itaas at ibaba.

**Ang mga Tagumpay ng Lipi nina Juda at Benjamin**

16Ang angkan ni Hobab na isang Cineo, na kamag-anak ng biyenan ni Moises, ay sumama sa lipi ni Juda mula sa Jerico, ang Lunsod ng mga Palma, hanggang sa ilang ng Juda, sa timog ng Arad. Nanirahan silang kasama ng mga Amalekita.

17Ang lipi naman ni Simeon ay tinulungan ng lipi ni Juda sa pagsakop sa Lunsod ng Sefat. Winasak nila ito nang husto at pinangalanang Horma.

18Nasakop din nila ang buong Gaza, Ashkelon at Ekron.

19Tinulungan ni Yahweh ang Juda, kaya't nasakop nila ang mga kaburulan. Ngunit hindi nila nasakop ang mga nasa kapatagan sapagkat ang mga tagaroon ay may mga karwaheng bakal.

20At tulad ng sinabi ni Moises, ibinigay nga kay Caleb ang Hebron. Pinalayas niya roon ang tatlong anak ni Anac.

21Ang mga Jebuseo namang naninirahan sa Jerusalem ay hindi pinaalis ng lipi ni Benjamin, kaya hanggang ngayo'y kasama nilang naninirahan doon ang mga ito.

**Sinakop ng mga Lipi ni Jose ang Bethel**

22-23Ang lunsod naman ng Bethel na dating Luz ay sinalakay ng mga lipi ni Jose at tinulungan din sila ni Yahweh. Nagpadala muna sila roon ng mga espiya.

24Sa daan ay may nasalubong silang isang tao mula sa lunsod. Sinabi nila rito, "Ituro mo sa amin ang pagpasok sa lunsod at gagantimpalaan ka namin."

25Itinuro naman nito sa kanila, at pinatay nila ang mga tagaroon maliban sa lalaking napagtanungan nila pati ang pamilya nito.

26Pagkatapos, ang lalaking iyon ay nagpunta sa lupain ng mga Heteo at nagtayo ng isang lunsod na hanggang ngayo'y tinatawag na Luz.

**Hindi Pinaalis ng mga Israelita ang mga Cananeo**

27Hindi pinaalis ng lipi ni Manases ang mga naninirahan sa mga lunsod ng Beth-sean, Taanac, Dor, Ibleam, Megido at sa mga nayong sakop ng mga ito. Kaya't nanatili roon ang mga Cananeo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

28Subalit nang maging mas makapangyarihan ang mga Israelita, hindi na nila lubusang pinaalis ang mga Cananeo ngunit sapilitan nilang pinagtrabaho ang mga ito bilang alipin.

29Hindi rin pinaalis ng lipi ni Efraim ang mga Cananeo sa lunsod ng Gezer. Sila'y sama-samang nanirahan doon.

30Hindi pinaalis ng lipi ni Zebulun ang mga naninirahan sa mga lunsod ng Kitron at Nahalol. Sama-sama silang nanirahan doon, subalit sapilitan nilang pinagtatrabaho ang mga ito bilang mga alipin.

31Hindi rin pinaalis ng lipi ni Asher ang mga taga-lunsod ng Acco, Sidon, Ahlab, Aczib, Helba, Afec at Rehob.

32Sama-sama silang nanirahan doon.

33Hindi rin pinaalis ng lipi ni Neftali ang mga taga-Beth-semes at Beth-anat. Sila'y sama-samang nanirahan doon ngunit inalipin nila ang mga tagaroon.

34Ang lipi naman ni Dan ay napaurong ng mga Amoreo papuntang bulubundukin. Hindi sila pinayagan ng mga Amoreo na makapanirahan sa kapatagan, sa halip ay itinaboy sila sa kaburulan.

35Hindi umalis sa Heres, Ayalon at Saalbim ang mga Amoreo, ngunit dumating ang araw na nasakop sila ng mga lipi ni Jose at inalipin sila ng mga ito.

36Ang sakop ng mga Amoreo ay mula sa Pasong Alakdan hanggang sa Petra.

# Mga Hukom 2

### Nagpunta sa Boquim ang Anghel ni Yahweh

1Mula sa Gilgal, nagpunta sa Boquim ang anghel ni Yahweh. Sinabi niya sa mga Israelita, “Inilabas ko kayo sa Egipto at dinala sa lupain na aking ipinangako sa inyong mga ninuno. Sinabi ko noon na hindi ako sisira sa ating kasunduan.

2Sinabi ko ring huwag kayong gagawa ng kasunduan sa mga tagaroon, sa halip ay gibain ninyo ang kanilang mga altar. Ngunit ano ang inyong ginawa? Hindi ninyo ako sinunod!

3Kaya ngayon, hindi ko sila paaalisin sa lupaing pupuntahan ninyo. Magiging tinik sila sa inyong landas at ang mga diyus-diyosan nila ay magiging mabigat na pagsubok sa inyo.”

4Matapos sabihin ito ng anghel ni Yahweh, nag-iyakan ang mga Israelita.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Kaya, tinawag nilang Boquim ang lugar na iyon, at naghandog sila roon kay Yahweh.

### Ang Pagkamatay ni Josue

6-10Pinalakad na ni Josue ang mga Israelita at kanila ngang tinirhan ang mga lupaing nakatalaga para sa kanila. Si Josue ay namatay sa edad na 110 taon at inilibing siya sa Timnat-heres, isang lugar na sakop ng kanyang lupain sa kaburulan ng Efraim, sa gawing hilaga ng Bundok Gaas. Namatay rin ang buong salinlahing kasabayan ni Josue. Naglingkod nang tapat kay Yahweh ang mga Israelita habang nabubuhay si Josue at ang mga pinunong nakasaksi sa mga kahanga-hangang bagay na ginawa ni Yahweh para sa Israel. Subalit ang sumunod na salinlahi ay nakalimot kay Yahweh at sa lahat ng ginawa niya para sa Israel.

### Tumigil ang Israel sa Paglilingkod kay Yahweh

11Ang mga Israelita ay gumawa ng kasamaan laban kay Yahweh at sumamba sila sa mga Baal.

12Tinalikuran nila si Yahweh, ang Diyos ng kanilang mga ninuno, na nagligtas sa kanila sa Egipto. Naglingkod sila at sumamba sa mga diyus-diyosan ng mga bayan sa kanilang paligid. Kaya nagalit sa kanila si Yahweh.

13Itinakwil nila si Yahweh at naglingkod sa mga Baal at kay Astarot.

14Dahil dito, nagalit si Yahweh sa Israel at sila'y hinayaan niyang matalo ng kaaway at samsaman ng ari-arian.

15Tuwing makikipagdigma sila, hindi na sila tinutulungan ni Yahweh tulad ng kanyang babala. Kaya't wala silang kapanatagan.

16Dahil dito, ang Israel ay binigyan ni Yahweh ng mga hukom na siyang magliligtas sa kanila sa kamay ng mga mananakop.

17Ngunit hindi rin nila sinunod ang mga hukom na ito. Tinalikuran ng mga Israelita si Yahweh. Ang katapatan ng kanilang mga ninuno kay Yahweh ay hindi nila pinamarisan.

18Lahat naman ng hukom na isinugo ni Yahweh ay pinatnubayan niya at iniligtas niya ang Israel sa mga kaaway habang nabubuhay ang hukom. Kinaawaan sila ni Yahweh dahil sa kanilang mga daing bunga ng hirap na dinaranas nila.

19Ngunit pagkamatay ng hukom, muli na namang sumasamba sa mga diyus-diyosan ang mga Israelita. Higit pa sa kasamaan ng kanilang mga ninuno ang kanilang ginagawa; hindi nila maiwan ang kanilang masasamang gawain at katigasan ng ulo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

[20]Kaya, lalong nagalit si Yahweh sa kanila. Sinabi niya, "Sumira ang mga Israelita sa kasunduang ibinigay ko sa kanilang mga ninuno. Dahil sa pagsuway nila sa akin,

[21]hindi ko na palalayasin ang natitira pang Cananeo sa lupaing iniwan sa kanila ni Josue nang siya'y namatay.

[22]Sa pamamagitan ng mga bansang ito, masusubok ko kung ang Israel ay susunod sa aking mga utos, tulad ng kanilang mga ninuno."

[23]Kaya, hindi agad pinaalis ni Yahweh ang mga tao sa mga lupaing hindi nasakop ng mga Israelita noong buháy pa si Josue.

## Mga Hukom 3

### Itinira ang Ibang Bayan Upang Subukin ang Israel

[1]Hinayaan ni Yahweh na manatili sa lupain ang ilang mga bansa upang subukin ang mga Israelitang hindi nakaranas makipagdigma sa Canaan.

[2]Ginawa niya ito upang turuang makipagdigma ang lahat ng salinlahi ng Israel, lalo na ang mga walang karanasan sa digmaan.

[3]Ang mga naiwan sa lupain ay ang limang lunsod ng mga Filisteo, lahat ng lunsod ng mga Cananeo, mga taga-Sidon at mga Hivita na nanirahan sa Bundok ng Lebanon, mula sa Bundok ng Baal-hermon hanggang sa Pasong Hamat.

[4]Ginamit sila ni Yahweh upang subukin kung susunod o hindi ang mga Israelita sa mga utos na ibinigay niya sa kanilang mga ninuno sa pamamagitan ni Moises.

[5]Kaya nanirahan ang mga Israelita sa lupaing iyon kasama ng mga Cananeo, Heteo, Amoreo, Perezeo, Hivita at Jebuseo.

[6]Pinayagan nila ang kanilang mga anak na mag-asawa ng mga tagaroon at makisama sa paglilingkod sa mga diyus-diyosan.

### Si Otniel

[7]Ang mga Israelita ay muling gumawa ng kasamaan laban sa Diyos. Tinalikuran nila si Yahweh na kanilang Diyos at sumamba sila sa mga Baal at sa mga Ashera.

[8]Dahil dito, nagalit si Yahweh sa kanila at pinabayaang masakop ni Haring Cushanrishataim ng Mesopotamia. Walong taon silang inalipin ng haring ito.

[9]Subalit nang humingi sila ng tulong kay Yahweh, ginawa niyang hukom si Otniel, anak ni Kenaz at pamangkin ni Caleb, upang ito ang magligtas sa kanila sa pagkaalipin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Nilukuban siya ng Espiritu ni Yahweh, at siya'y naging hukom at pinuno ng Israel. Nakipagdigma siya laban kay Cushanrishataim na hari ng Mesopotamia. Sa tulong ni Yahweh, natalo ito ni Otniel.

11Nagkaroon ng kapayapaan sa lupain sa loob ng apatnapung taon hanggang sa mamatay si Otniel na anak ni Kenaz.

**Si Ehud**

12Muling gumawa ng kasamaan ang mga Israelita laban kay Yahweh. Dahil dito, si Eglon na hari ng Moab ay pinalakas ni Yahweh nang higit kaysa sa Israel.

13Nakipagsabwatan si Eglon sa mga Ammonita at mga Amalekita. Natalo nila ang Israel at nasakop ang Lunsod ng Palma.

14Labingwalong taóng sakop ni Eglon ang mga Israelita.

15Subalit nang muling humingi ng tulong kay Yahweh ang mga Israelita, ginawa niyang hukom si Ehud na isang kaliwete, anak ni Gera buhat sa lipi ni Benjamin, upang sila'y iligtas. Siya ang pinagdala ng mga Israelita ng kanilang buwis kay Haring Eglon, kaya't

16si Ehud ay gumawa ng isang tabak na magkabila'y talim at isa't kalahating metro ang haba. Itinali niya ito sa kanan niyang hita, sa loob ng kanyang damit.

17At dinala nga ni Ehud ang mga buwis ng Israel kay Haring Eglon na isang napakatabang lalaki.

18Nang maibigay na ni Ehud ang mga buwis, pinauwi na niya ang mga nagbuhat nito.

19Ngunit pagdating sa may mga inukit na bato malapit sa Gilgal, nagbalik si Ehud sa hari at sinabi niya rito, “Kamahalan, mayroon po akong lihim na mensahe para sa inyo.” Dahil dito, sinabi ng hari sa kanyang mga lingkod, “Iwan ninyo kami.” At umalis ang lahat sa harapan ng hari.

20Lumapit si Ehud sa kinauupuan ng hari sa malamig na silid-pahingahan na nasa tuktok ng palasyo, at muling sinabi, “May ipinapasabi po sa akin ang Diyos para sa inyo.” At nang tumayo ang hari,

21binunot ng kaliwang kamay ni Ehud ang kanyang tabak na nakatago sa kanyang kanang hita at itinarak sa tiyan ng hari.

22Bumaon pati ang hawakan ng tabak at ito ay natakpan ng taba. Hindi na binunot ni Ehud ang patalim dahil tumagos ito hanggang sa likuran ng hari.

23Paglabas ni Ehud, isinara niya ang pinto

24at tuluy-tuloy na umalis. Nang magbalik ang mga lingkod ng hari, nakita nilang sarado ang pinto kaya inisip nilang nagbabawas ang hari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Hindi nila binuksan ang pinto at naghintay na lamang sila sa labas. Inabot na sila ng pagkainip ngunit hindi pa lumalabas ang hari. Kaya, binuksan na nila ang silid nito. At nakita nilang patay na ang hari at nakahandusay sa sahig.

26Samantala, malayo na ang narating ni Ehud habang naghihintay ang mga lingkod ng hari. Nakalampas na siya sa mga inukit na bato at tumakas papuntang Seira.

27Pagdating sa kaburulan ng Efraim, hinipan niya ang trumpeta at nagsidatingan ang mga Israelita. At mula roon, pinangunahan niya sa pakikidigma ang mga ito.

28Sinabi niya sa kanila, “Sumunod kayo sa akin. Pagtatagumpayin kayo ni Yahweh laban sa mga Moabita.” Kaya't sila'y sumunod sa kanya at nasakop nila ang tawiran ng mga Moabita sa Jordan. Wala silang pinatawid doon kahit isa.

29-30Nang araw na iyon, nagwagi ang mga Israelita laban sa mga Moabita. Nakapatay sila ng may sampung libong Moabita na pawang matitipuno at malalakas; wala ni isa mang nakatakas. Mula noon, nagkaroon ng kapayapaan sa lupain sa loob ng walumpung taon.

**Si Shamgar**

31Sumunod kay Ehud si Shamgar na anak ni Anat. Iniligtas din niya ang Israel nang patayin niya ang animnaraang Filisteo sa pamamagitan ng isang tungkod na pantaboy ng baka.

## Mga Hukom 4

**Sina Debora at Barak**

1Nang mamatay si Ehud, ang bayang Israel ay muling gumawa ng kasamaan laban kay Yahweh.

2Kaya, hinayaan ni Yahweh na masakop sila ni Jabin, isang Cananeo na hari ng Hazor. Si Sisera na taga-Haroset Hagoyim ang pinuno ng kanyang hukbo.

3Si Jabin ay may siyamnaraang karwaheng bakal. Pinagmalupitan at inapi niya ang Israel sa loob ng dalawampung taon. Kaya't humingi ng tulong kay Yahweh ang mga Israelita.

4Noon, ang babaing propeta na si Debora, asawa ni Lapidot, ay nagsisilbing hukom ng Israel.

5Nakaugalian na niyang maupo sa ilalim ng puno ng palmera sa kaburulan ng Efraim, sa pagitan ng Rama at Bethel. Pinupuntahan siya rito ng mga tao upang magpasya sa kanilang mga usapin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Isang araw, ipinatawag niya si Barak na anak ni Abinoam na taga-Kades, mula sa lipi ni Neftali. Sinabi niya rito, “Ipinag-uutos sa iyo ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, na pumili ka ng sampung libong kawal mula sa lipi nina Neftali at Zebulun. Isama mo sila sa Bundok ng Tabor.

7Lalabanan ninyo sa may Ilog Kison ang pangkat ni Sisera, ang pinuno ng hukbo ni Jabin. Ngunit pagtatagumpayin kita laban sa kanya.”

8Sumagot si Barak, “Pupunta ako kung kasama ka. Ngunit kung hindi ka sasama, hindi ako pupunta.”

9Sinabi ni Debora, “Kung gayon, sasama ako, ngunit wala kang makukuhang karangalan sapagkat si Sisera ay ibibigay ni Yahweh sa kamay ng isang babae.” Sumama nga si Debora kay Barak.

10Nanawagan si Barak sa lipi nina Neftali at Zebulun, at sampung libong kalalakihan ang sumunod sa kanya. Sumama rin sa kanya si Debora.

11Samantala, si Heber na isang Cineo ay lumayo sa mga kapwa niya Cineo. Ang mga Cineo ay buhat sa angkan ni Hobab na kamag-anak ng asawa ni Moises. Nagtayo si Heber ng tolda malapit sa kagubatan ng Zaananim, malapit sa Kades.

12May nakapagsabi kay Sisera na si Barak ay pumunta sa Bundok Tabor.

13Kaya, tinipon niya ang kanyang siyamnaraang karwaheng bakal at ang lahat ng kanyang kawal mula sa Haroset Hagoyim patungo sa Ilog Kison.

14Sinabi ni Debora kay Barak, “Lusob! Ngayon ang araw na itinakda ni Yahweh upang gapiin mo si Sisera. Pangungunahan ka ni Yahweh!” Pumunta nga sa Bundok Tabor si Barak at ang sampung libong kawal niya.

15Nang sumalakay sina Barak, nilito ni Yahweh sina Sisera. Nagkanya-kanyang takbuhan ang mga kawal nito. Si Sisera naman ay bumabâ sa kanyang karwahe at patakbong tumakas.

16Hinabol nina Barak ang mga karwahe ni Sisera hanggang sa Haroset Hagoyim at pinatay nila ang lahat ng mga tauhan nito. Wala silang itinirang buháy.

17Samantala, nakatakas si Sisera at nagtago sa tolda ni Jael na asawa ng Cineong si Heber, sapagkat magkaibigan si Haring Jabin ng Hazor at ang sambahayan ni Heber.

18Nang makita ni Jael na papalapit si Sisera, sinabi niya, “Tuloy po kayo sa aking tolda at huwag kayong matakot.” Pumasok nga si Sisera at siya'y pinatago ni Jael sa likod ng tabing.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19 Sinabi ni Sisera kay Jael, “Nauuhaw ako. Maaari mo ba akong bigyan ng tubig na maiinom?” Ang babae ay kumuha ng sisidlang-balat na puno ng gatas. Pinainom niya si Sisera, saka pinatagong muli.

20 Sinabi ni Sisera, “Diyan ka muna sa may pintuan ng tolda. Kapag may nagtanong kung may tao rito, sabihin mong wala.”

21 Dahil sa matinding pagod, nakatulog nang mahimbing si Sisera. Si Jael naman ay kumuha ng maso at tulos ng tolda. Dahan-dahan siyang lumapit kay Sisera at pinukpok ang tulos sa noo nito hanggang sa bumaon sa lupa. Sa gayon, namatay si Sisera.

22 Nang dumating si Barak na naghahanap kay Sisera, sinabi niya, “Narito ang hinahanap ninyo.” Pagpasok ni Barak, nakita niyang patay na si Sisera. Nakabulagta ito at nakabaon pa sa noo ang tulos.

23 Nang araw na iyon, pinagtagumpay ng Diyos ang bayang Israel laban kay Jabin, ang haring Cananeo.

24 Patuloy nila itong ginipit hanggang sa lubusang matalo.

## Mga Hukom 5

### Ang Awit nina Debora at Barak

1 Nang araw na iyon, ang awit na ito'y inawit ni Debora at ni Barak na anak ni Abinoam:

2 “Purihin si Yahweh! Ang mga Israelita'y buong giting na lumaban; nagkusang-loob ang taong-bayan.

3 “Mga pinuno at mga hari, inyong dinggin, ako'y aawit kay Yahweh, sa Diyos ng Israel!

4 “Nang sa bundok ng Seir, Yahweh, ikaw ay lumisan, at nang ang lupain ng Edom ay iyong iniwan, nayanig ang lupa at bumuhos ang ulan, tubig ng mga ulap sa kalangitan.

5 Nayanig ang mga bundok sa harapan ni Yahweh, na nasa Zion, sa harapan ni Yahweh, ang Diyos ng Israel.

6 “Nang panahon ni Shamgar, anak ni Anat, gayundin naman nang panahon ni Jael, ang mga manlalakbay ay lumilihis sa daan, tumigil ang mga tao sa pangangalakal.

7 Noo'y iniwan na ang mga nayon sa Israel, ngunit nang dumating ka, Debora, sa Israel ika'y naging isang ina.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8 Pumipili sila ng mga bagong diyus-diyosan, kaya't ang digmaa'y nasa mga pintuang-bayan. Sa apatnapung libong Israel na lumaban, mayroon bang nagdala ng sibat at kalasag man lang?

9 Ang pagmamalasakit ng puso ko'y sa mga pinunong Israelita, na kusang nag-alay ng sariling buhay nila. Purihin si Yahweh!

10 “Umawit kayo habang sakay ng mapuputing asno, habang maiinam na latag ang inuupuan ninyo at kayong mga naglalakad saanman patungo.

11 Sabay sa himig ng mga pastol sa tabing balon kung saan sinasaysay ang tagumpay ni Yahweh, mga tagumpay ng Israel sa kanyang mga nayon. Sa pintuan ng lunsod pumasok sila roon.

12 “Gumising ka, Debora, at ikaw ay tumayo! Gumising ka't bumangon, umawit ng isang himig. Barak, anak ni Abinoam, kumilos ka't dalhin mong bihag ang mga kalaban.

13 Kumilos na ang mga dakila ng bayan; alang-alang kay Yahweh malakas man ay lalabanan!

14 Sumalakay sa libis ang hukbo ni Efraim, kasunod sa paglusob ang lipi ni Benjamin. Mga pinuno ng Maquir sa digmaa'y dumating, gayundin ang mga pinuno na sa Zebulun nanggaling.

15 Ang mga pinuno ng Isacar sumama kay Debora, gayundin kay Barak na tagapanguna, at hanggang sa libis sumunod sa kanya. Ngunit ang lipi ni Ruben ay di makapagpasya, di nila malaman kung sila ay sasama.

16 Bakit ayaw ninyong iwan ang pastulan? Hindi n'yo ba maiwan ang inyong mga kawan? Ang lipi nga ni Ruben, sa pagpapasya'y nahirapan.

17 Ang Gilead ay nanatili sa silangan ng Jordan, ang mga barko'y hindi iniwan ng lipi ni Dan. Ang lipi ni Asher, sa tabing-dagat nagpaiwan, sila'y nanatili sa mga daungan.

18 Itinaya ng Zebulun ang kanyang buhay, gayundin ang Neftali na humarap sa digmaan.

19 “Ang mga hari'y dumating doon sa labanan, silang mga hari ng lupang Canaan, sa mga batis ng Megido doon sa Taanac, ngunit wala silang nasamsam na pilak.

20 Pati mga bituin ay nakipaglaban, nilabanan si Sisera buhat sa kalangitan.

21 At sa kanilang pagtawid sa ilog ng Kison, tinangay sila ng agos, nilamon ng mga alon. Gayunman kaluluwa ko, tumatag ka't magpatuloy!

22 Sa bilis ng takbo ang yabag ay walang humpay, kabayong matutulin sila ang nakasakay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23“Sumpain ang Meroz,” sabi ng anghel ni Yahweh. “Sumpain nang labis ang naninirahan doon, sapagkat hindi sila humarap at tumulong sa labanan, nang digmain ni Yahweh ang mga kalaban.

24“Higit ngang pinagpala ang babaing si Jael, ang asawa ng Cineong si Heber, sa lahat ng babaing nakatira sa mga tolda, higit na pagpapala nakalaan sa kanya.

25Si Sisera'y humingi ng tubig na inumin, ngunit gatas ang ibinigay ni Jael; malinamnam na gatas sa sisidlang mamahalin.

26At habang ang tulos ng tolda'y hawak ng kaliwang kamay, sa kanan nama'y hawak ang maso ng panday, ibaon ang tulos sa sentido ni Sisera, nabasag at nadurog ang ulo niya.

27Sa paanan ni Jael, si Sisera'y nahandusay, sa kanyang paana'y bumagsak at namatay.

28“Itong ina ni Sisera ay naroon sa bintana, naiinip, hindi mapakali, nagtatanong na may luha, ‘Bakit kaya hanggang ngayon ang anak ko'y wala pa, kabayo at karwahe niya'y masyadong naaantala?’

29Mga babaing tagapayo ay tumugon sa kanya; at sa kanyang tanong ito rin ang sagot niya:

30‘Nagtatagal marahil siya sa paghanap ng samsam nila, para sa isang kawal, isang babae o dalawa, mamahaling kasuotan para sa kanyang ina, at magarang damit naman para sa kanya.’

31“Ganyan nawa malipol ang iyong mga kalaban, O Yahweh, maging tulad naman ng sumisikat na araw ang iyong mga kaibigan.” At nagkaroon ng kapayapaan sa lupain sa loob ng apatnapung taon.

# Mga Hukom 6

### Si Gideon

1Muling gumawa ng kasamaan laban kay Yahweh ang mga Israelita, kaya sila'y hinayaan niyang masakop ng mga Midianita sa loob ng pitong taon.

2Higit na makapangyarihan ang mga Midianita kaysa sa mga Israelita. Kaya't ang mga Israelita ay nagsipagtago sa mga kuweba at sa mga kabundukan.

3Tuwing magtatanim ang mga Israelita sa kanilang mga bukirin, sinasalakay sila ng mga Midianita, Amalekita, at iba pang mga lipi galing sa disyerto.

4Nagkakampo ang mga ito sa lupain at sinisira ang mga pananim doon hanggang sa may Gaza. Wala silang itinitirang anuman na maaaring pakinabangan ng mga Israelita sapagkat kinukuha nilang lahat pati ang mga tupa, baka at asno.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Dumarating silang parang makapal na balang kasama ang kanilang mga baka, tolda at mga kamelyong hindi mabilang sa dami, at sinisira ang lupain.

6Walang magawâ ang mga Israelita, kaya humingi sila ng tulong kay Yahweh.

7Nang marinig ni Yahweh ang pagdaing ng mga Israelita dahil sa pagpapahirap ng mga Midianita,

8sila'y pinadalhan niya ng propeta at ipinasabi ang ganito: "Inilabas ko kayo sa Egipto.

9Iniligtas ko kayo sa kanilang pang-aalipin, at sa lahat ng inyong kaaway. Natalo ninyo sila at ibinigay sa inyo ang kanilang lupain.

10Sinabi ko na sa inyo na ako si Yahweh na inyong Diyos at hindi kayo dapat sumamba sa mga diyos ng mga Amoreo, sa lupaing inyong tinitirhan ngayon. Ngunit hindi kayo nakinig sa akin."

11Dumating sa Ofra ang anghel ni Yahweh at naupo sa ilalim ng malaking puno na pag-aari ni Joas na buhat sa angkan ni Abiezer. Si Gideon na anak ni Joas ay kasalukuyang gumigiik noon ng trigo sa pisaan ng ubas. Patago ang kanyang paggiik upang hindi siya makita ng mga Midianita.

12Nagpakita sa kanya ang anghel ni Yahweh at sinabi sa kanya, "Sumasaiyo si Yahweh, magiting na lalaki."

13Sumagot si Gideon, "Mawalang-galang na po. Kung talagang kasama namin si Yahweh, bakit ganito ang nangyayari sa amin? Nasaan na ngayon ang mga kababalaghang ginawa niya noon gaya ng ikinuwento sa amin ng aming mga ninuno, kung paanong sila'y iniligtas niya sa Egipto? Pinabayaan na kami ni Yahweh sa kamay ng mga Midianita."

14Sinabi sa kanya ni Yahweh, "Lumakad ka at gamitin mo ang buong lakas mo upang iligtas ang Israel mula sa mga Midianita. Ako mismo ang nagsusugo sa iyo."

15Sumagot si Gideon, "Ngunit Panginoon, paano ko maililigtas ang Israel? Ang aming angkan ang pinakamahina sa lipi ni Manases, at ako naman ang pinakahamak sa pamilya namin."

16Sinabi sa kanya ni Yahweh, "Makakaya mo ito sapagkat tutulungan kita. Matatalo mo ang mga Midianitang ito na para ka lang lumaban sa isang tao."

17Sumagot si Gideon, "Kung ako po ay talagang kalugud-lugod sa inyo, bigyan ninyo ako ng palatandaang kayo nga ang nag-uutos sa akin.

18Huwag po muna kayong umalis at hahainan ko kayo ng pagkaing handog."
"Hihintayin kita," sagot ni Yahweh.

19Umuwi nga si Gideon at nagluto ng isang batang kambing at gumawa ng tinapay na walang pampaalsa mula sa limang salop na harina. Pagkaluto,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

inilagay niya ang karne sa basket at ang sabaw sa isang palayok. Inihain niya ito sa anghel ni Yahweh sa ilalim ng malaking puno.

20Sinabi sa kanya ng anghel, “Ipatong mo sa malaking batong ito ang karne at ang tinapay. Pagkatapos, buhusan mo ng sabaw.” Iyon nga ang ginawa ni Gideon.

21Ang karne at ang tinapay ay hinawakan ng anghel ni Yahweh sa pamamagitan ng tungkod. May lumabas na apoy mula sa bato at nasunog ang karne at ang tinapay. Pagkatapos, ang anghel ni Yahweh ay nawala sa kanyang paningin.

22Saka pa lamang naunawaan ni Gideon na anghel nga ni Yahweh ang nakausap niya. Dahil dito, kinilabutan siya sa takot at sinabi, “Panginoong Yahweh, tulungan mo po ako! Harap-harapan kong nakita ang iyong anghel!”

23Ngunit sinabi sa kanya ni Yahweh, “Huminahon ka. Huwag kang matakot. Hindi ka mamamatay.”

24At si Gideon ay nagtayo roon ng isang altar para kay Yahweh na tinawag niyang, “Si Yahweh ay Kapayapaan.” (Hanggang ngayon ay naroon pa sa Ofra ang altar, sa lugar na sakop ng angkan ni Abiezer.)

**Sinira ni Gideon ang Altar ni Baal**

25Kinagabihan, sinabi ni Yahweh kay Gideon, “Kunin mo ang toro ng iyong ama, at isa pang toro na pitong taóng gulang. Gibain mo ang altar ni Baal na ipinagawa ng iyong ama at putulin mo ang rebulto ni Ashera sa tabi nito.

26Pagkatapos, magpatung-patong ka ng mga bato sa ibabaw ng burol na ito bilang altar para kay Yahweh na iyong Diyos. Pagputul-putulin mo ang rebulto ni Ashera at gawin mong panggatong sa ibabaw ng altar. Ialay mo roon ang pangalawang toro ng iyong ama bilang handog na sinusunog.”

27Kaya't isinama ni Gideon ang sampu sa kanyang mga tagapaglingkod at ginawa ang sinabi sa kanya ni Yahweh. Gabi nang gawin niya ito sapagkat natatakot siya sa kanyang pamilya at sa mga taong-bayan.

28Kinabukasan ng madaling-araw, nakita na lamang ng mga tao na wasak na ang altar ni Baal at putul-putol na ang rebulto ni Ashera na ipinanggatong sa pangalawang toro na sinunog sa altar na itinayo roon.

29Nagtanungan sila, “Sino kaya ang may kagagawan nito?” Nagsiyasat sila at nalaman nilang si Gideon na anak ni Joas ang may kagagawan niyon.

30Sinabi ng mga taong-bayan kay Joas, “Ilabas mo rito ang anak mo at papatayin namin. Giniba niya ang altar ni Baal at pinagputul-putol ang rebulto ni Ashera sa tabi ng altar.”

31Sumagot si Joas, “Ipinaglalaban ba ninyo si Baal? Ipinagtatanggol n'yo ba siya? Sinumang makipaglaban para sa kanya ay papatayin bago mag-

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

umaga. Kung siya'y talagang diyos, hayaan ninyong ipagtanggol niya ang kanyang sarili. Di ba't kanyang altar ang giniba?"

32Mula noon, si Gideon ay tinaguriang Jerubaal dahil sa sinabi ni Joas na, "Hayaan ninyong ipagtanggol ni Baal ang kanyang sarili. Hindi ba't sa kanya naman ang altar na giniba?"

33Ang mga Midianita, Amalekita, at iba pang mga lipi sa silangan ay sama-samang tumawid sa Ilog Jordan at nagkampo sa Libis ng Jezreel.

34Lumukob kay Gideon ang Espiritu ni Yahweh; hinipan niya ang trumpeta bilang hudyat na sumunod sa kanya ang mga kalalakihan ng angkan ni Abiezer.

35Nagpadala siya ng mga sugo sa buong nasasakupan ng mga lipi nina Manases, Asher, Zebulun at Neftali upang makiisa sa kanya ang mga liping ito. Nagpasya namang sumama ang mga ito kay Gideon.

### Humingi ng Palatandaan si Gideon

36Sinabi ni Gideon sa Diyos, "Sinabi ninyo sa akin na ako ang gagamitin ninyo upang iligtas ang Israel.

37Dahil dito, maglalatag ako ng isang lana sa giikan ng trigo. Kapag nabasa ito ng hamog ngunit tuyo ang paligid, ako nga ang gagamitin ninyo upang iligtas ang Israel."

38Ganoon nga ang ginawa ni Gideon. Kinabukasan ng umaga, kinuha niya ang lanang inilatag sa giikan, at nang pigain niya ito, napuno niya ng tubig ang isang mangkok.

39Sinabi ni Gideon sa Diyos, "Huwag po kayong magagalit sa akin. Mayroon pa po akong isang hihilingin. Nais ko pong matuyo naman itong lana at mabasa ng hamog ang lupa sa paligid."

40Kinagabihan, ginawa nga iyon ng Diyos. Tuyo ang lana ngunit basa ng hamog ang lupa sa paligid nito.

## Mga Hukom 7

### Nilupig ni Gideon ang mga Midianita

1Si Gideon ay tinatawag ding Jerubaal. Isang araw, maagang bumangon si Gideon at ang kanyang mga tauhan at nagkampo sila sa may Bukal ng Harod. Samantala, ang mga Midianita ay nagkampo sa hilagang kapatagan, sa may Burol ng More.

2Sinabi ni Yahweh kay Gideon, "Sobrang dami ng mga tauhan mo para pagtagumpayin ko kayo laban sa mga Midianita. Baka akalain nilang sarili nila ang nakatalo sa mga Midianita at hindi dahil sa tulong ko.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3 Kaya, sabihin mo sa taong-bayan na ang lahat ng natatakot ay maaari nang umuwi.” Nang sabihin ito ni Gideon, umuwi ang 22,000 ngunit 10,000 pa ang naiwan.

4 Sinabi muli ni Yahweh kay Gideon, “Napakarami pa ring natira. Isama mo sila sa tabi ng batis at bibigyan ko sila roon ng pagsubok. Doon ko sasabihin kung sino ang dapat mong isama at kung sino ang hindi.”

5 Ganoon nga ang ginawa ni Gideon. Pagdating nila sa batis, sinabi ni Yahweh, “Ibukod mo ang lahat ng umiinom na parang aso. Ibukod mo rin ang mga nakaluhod habang umiinom.”

6 Ang sumalok ng tubig sa pamamagitan ng kamay upang uminom ay tatlong daan at ang iba'y lumuhod upang uminom.

7 Sinabi ni Yahweh kay Gideon, “Ang tatlong daang sumalok sa pag-inom ang isasama mo upang pagtagumpayin ko kayo at gapiin ang mga Midianita. Ang iba nama'y pauwiin mo na.”

8 Kaya't pinauwi na ni Gideon ang lahat ng mga Israelita maliban sa tatlong daan. Iniwan sa mga ito ang lahat ng banga at ang mga trumpeta. Ang kampo ng mga Midianita ay nasa libis sa gawing ibaba nila.

9 Kinagabihan, sinabi ni Yahweh kay Gideon, “Lusubin na ninyo ang kampo ng mga Midianita sapagkat ibinigay ko na sila sa inyong kamay!

10 Kung nag-aalinlangan ka pa hanggang ngayon, pumunta ka sa kampo kasama ang tagapaglingkod mong si Pura.

11 Tiyak na lalakas ang loob mo kapag narinig mo ang kanilang usapan.” Kaya't si Gideon at si Pura ay palihim na nagpunta sa may kampo ng mga Midianita.

12 Ang mga Midianita, pati ang mga Amalekita at mga tribo sa paligid ay naglipana sa kapatagan na parang mga balang sa dami. Ang kanilang mga kamelyo naman ay sindami ng buhangin sa dagat.

13 Nang malapit na sina Gideon, may narinig silang nag-uusap. Ang sabi ng isa, “Napanaginipan kong may isang tinapay na sebadang gumulong sa ating kampo. Nagulungan daw ang tolda at ito'y bumagsak.”

14 Sagot naman ng isa, “Iyon ay walang iba kundi ang tabak ng Israelitang si Gideon na anak ni Joas. Ang Midian at ang buong hukbo ay ibinigay na ng Diyos sa kanyang kamay.”

15 Nang marinig ni Gideon ang panaginip at ang kahulugan nito, lumuhod siya at nagpuri sa Diyos. Pagkatapos, nagbalik siya sa kampo ng mga Israelita at sinabi sa kanila, “Bumangon na kayo! Ibinigay na ni Yahweh sa inyong mga kamay ang mga Midianita!”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Pinagtatlong pangkat niya ang kanyang tatlong daang tauhan. Bawat isa'y binigyan niya ng trumpeta at banga na may sulo sa loob.

17Sinabi niya sa kanila, “Kapag malapit na ako sa kanilang kampo, tumingin kayo sa akin at gawin ninyo ang gagawin ko.

18Kapag narinig ninyong hinihipan ko at ng aking pangkat ang aming mga trumpeta, hipan na rin ninyo ang inyong trumpeta sa palibot ng kampo, at sumigaw kayo ng, ‘Para kay Yahweh at para kay Gideon!’”

19Maghahating-gabi na. Halos kapapalit pa lamang ng pangkat ng tanod nang sina Gideon ay makalapit sa kampo ng mga Midianita. Hinipan nila ang kanilang mga trumpeta sabay basag sa mga dala nilang banga.

20Ganoon din ang ginawa ng dalawang pangkat. Hawak ng kanilang kaliwang kamay ang sulo at nasa kanan naman ang trumpeta habang sumisigaw ng, “Tabak ni Yahweh at ni Gideon!”

21Bawat isa'y hindi umaalis sa kanyang kinatatayuan sa paligid ng kampo, samantalang nagsisigawan at nagkakanya-kanyang takbuhan ang mga nasa kampo.

22At habang walang tigil sa pag-ihip ng trumpeta ang tatlong daang Israelita, pinaglaban-laban ni Yahweh ang mga nasa kampo. Kanya-kanya silang takbo tungo sa Cerera hanggang Beth-sita at Abel-mehola, malapit sa Tabata.

23Ipinatawag ni Gideon ang kalalakihang mula sa mga lipi nina Neftali, Asher at Manases, at ipinahabol sa mga ito ang mga Midianita.

24Si Gideon ay nagpadala ng mga sugo sa lipi ni Efraim na nakatira sa mga kaburulan. Sinabi niya, “Bumabâ kayo at tugisin ninyo ang mga Midianita. Pabantayan ninyo ang Ilog Jordan at ang mga batis hanggang sa Beth-bara, upang hindi sila makatawid.” Kaya't lahat ng kalalakihan sa lipi ng Efraim ay nagtipon, at ganoon nga ang kanilang ginawa.

25Sa paghabol nila sa mga Midianita, nabihag nila ang dalawang pinunong sina Oreb at Zeeb. Pinatay nila si Oreb sa Bato ni Oreb at si Zeeb sa pisaan ng ubas ni Zeeb. Pagkatapos, dinala nila ang ulo ng dalawang ito kay Gideon sa ibayo ng Jordan.

## Mga Hukom 8

### Nalupig ang mga Midianita

1Pagkatapos, pumunta kay Gideon ang mga kalalakihan ng Efraim. “Bakit mo kami ginanito? Bakit hindi mo kami tinawag bago ninyo lusubin ang mga Midianita?” pagalit nilang tanong.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2“Ang nagawa ko ay hindi maipapantay sa nagawa ninyo. Ang maliit ninyong nagawa ay higit pa sa nagawa ng angkan namin,” sagot ni Gideon.

3“Niloob ng Diyos na sa inyong mga kamay mahulog ang dalawang pinunong Midianitang sina Oreb at Zeeb. Alin sa mga nagawa ko ang maipapantay riyan?” Nang marinig nila ito, napawi ang kanilang galit.

4Si Gideon at ang tatlong daan niyang tauhan ay nakatawid na ng Ilog Jordan. Pagod na pagod na sila ngunit patuloy pa rin nilang hinahabol ang mga Midianita.

5Nang umabot sila sa Sucot, nakiusap siya sa mga tagaroon, “Maaari po bang bigyan ninyo ng makakain ang aking mga tauhan? Latang-lata na sila sa gutom at hinahabol pa namin ang dalawang hari ng mga Midianita na sina Zeba at Zalmuna.”

6Ngunit sumagot ang mga taga-Sucot, “Bakit namin kayo bibigyan ng pagkain? Hindi pa naman ninyo nabibihag sina Zeba at Zalmuna.”

7Dahil dito, sinabi ni Gideon, “Kayo ang bahala. Kapag nahuli na namin sina Zeba at Zalmuna, hahagupitin ko kayo ng latigong tinik na mula sa halamang disyerto.”

8Pagkasabi nito'y nagtuloy sila sa Penuel at doon humingi ng pagkain. Ngunit ang sagot ng mga tagaroon ay tulad din ng sagot ng mga taga-Sucot.

9Sinabi niya sa kanila, “Tinitiyak ko sa inyong kami'y matagumpay na makakabalik dito. Pagbalik namin, gigibain ko ang tore ninyo.”

10Sina Zeba at Zalmuna ay nasa Carcor noon, kasama ang nalalabi nilang kawal na 15,000 sapagkat 120,000 na ang napapatay sa kanila.

11Dumaan sina Gideon sa gilid ng ilang, sa silangan ng Noba at Jogbeha, saka biglang sumalakay.

12Tatakas sana sina Zeba at Zalmuna, ngunit nahuli sila nina Gideon. Dahil dito, nataranta ang mga kawal ng dalawang haring Midianita.

13Nang magbalik sina Gideon mula sa labanan, sa Pasong Heres sila nagdaan.

14Nakahuli sila ng isang binatang taga-Sucot. Itinanong niya rito kung sinu-sino ang mga opisyal at pinuno ng Sucot, at isa-isa namang isinulat nito. Umabot ng pitumpu't pito ang kanyang naisulat.

15Pagkatapos, pinuntahan ni Gideon ang mga ito at tinanong, “Natatandaan ba ninyo nang ako'y humingi sa inyo ng pagkain? Sinabi ninyo sa akin na hindi ninyo kami bibigyan ng pagkain hanggang hindi namin nahuhuli sina Zeba at Zalmuna, kahit na noo'y lupaypay na kami sa gutom. Bihag na namin sila ngayon!”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16At nagpakuha siya ng mga tinikang sanga ng kahoy at sa pamamagitan nito'y pinarusahan ang mga pinuno ng Sucot.

17Pagkatapos, giniba niya ang tore sa Penuel at pinatay ang mga kalalakihan roon.

18Pagkaraan, tinanong niya sina Zeba at Zalmuna, “Anong hitsura ng mga lalaking pinatay ninyo sa Tabor?” “Kamukha mo silang lahat, parang mga anak ng hari,” sagot nila.

19Sinabi ni Gideon, “Sila'y mga kapatid ko at mga anak ng aking ina. Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, kung hindi ninyo sila pinatay ay hindi ko rin sana kayo papatayin.”

20At sinabi niya sa pinakamatanda niyang anak na si Jeter, “Patayin mo sila!” Palibhasa'y bata, natakot itong bumunot ng tabak at pumatay ng tao.

21Dahil dito, sinabi nina Zeba at Zalmuna kay Gideon, “Bakit hindi ikaw ang pumatay sa amin? Mga tunay na lalaki lamang ang maaaring pumatay ng tao.” Kaya sila'y pinatay ni Gideon at kinuha ang mga palamuti sa leeg ng kanilang mga kamelyo.

22Pagkatapos, nagtipun-tipon ang mga Israelita at sinabi nila kay Gideon, “Ikaw rin lamang ang nagligtas sa amin sa mga Midianita, ikaw na at ang iyong angkan ang maghari sa amin!”

23Sumagot si Gideon, “Hindi ako ni ang aking mga anak ang dapat maghari sa inyo. Si Yahweh ang dapat maghari sa inyo.

24Ngunit mayroon akong hihilingin sa inyo: Ibigay ninyo sa akin ang mga hikaw na nasamsam ninyo mula sa kanila.” (Nakahikaw ng ginto ang mga Midianita sapagkat iyon ang ugali ng mga taong taga-disyerto.)

25Sumagot sila, “Buong puso naming ibibigay sa iyo.” Naglatag sila sa lupa ng isang malapad na damit at inilagay roon ang lahat ng nasamsam nilang hikaw.

26Nang timbangin nila ang mga hikaw na ginto, ito'y umabot ng animnapung libra, hindi pa kasama ang mga hiyas, kuwintas, at mga kulay ubeng kasuotan ng mga hari ng Midian. Hindi rin kasama roon ang mga palamuti sa leeg ng mga kamelyo.

27Mula sa gintong nasamsam, si Gideon ay nagpagawa ng isang diyus-diyosan at dinala sa Ofra na kanyang lunsod. Ang mga Israelita'y tumalikod sa Diyos at naglingkod sa diyus-diyosang ipinagawa ni Gideon. Ito ang naging malaking kapulaan kay Gideon at sa kanyang sambahayan.

28Lubusang natalo ng Israel ang Midian at ito'y hindi na nakabawi. Nagkaroon ng kapayapaan sa Israel sa loob ng apatnapung taon, habang nabubuhay si Gideon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang Pagkamatay ni Gideon

29Umuwi si Gideon sa sarili niyang bahay at doon nanirahan.

30Pitumpu ang kanyang naging anak sapagkat marami siyang asawa.

31Mayroon pa siyang isang asawang-lingkod sa Shekem na nagkaanak ng isang lalaki na pinangalanan niyang Abimelec.

32Matandang-matanda na nang mamatay si Gideon na anak ni Joas. Inilibing siya sa libingan ng kanyang ama sa Ofra, ang bayan ng angkan ni Abiezer.

33Mula nang mamatay si Gideon, ang mga Israelita'y hindi na namuhay nang tapat sa Diyos. Sa halip, naglingkod sila sa mga Baal, at ang kanilang kinilalang diyos ay si Baal-berit.

34Hindi na sila naglingkod sa Diyos nilang si Yahweh na nagligtas sa kanila sa mga kaaway na nakapalibot sa kanila.

35Hindi sila tumanaw ng utang na loob sa sambahayan ni Gideon sa lahat ng kabutihang ginawa nito para sa Israel.

## Mga Hukom 9

### Si Abimelec

1Paglipas ng panahon, si Abimelec na anak ni Gideon ay nagpunta sa Shekem, sa mga kamag-anak ng kanyang ina. Sinabi niya sa mga ito,

2“Itanong ninyo sa lahat ng taga-Shekem kung alin ang gusto nila: pamunuan sila ng pitumpung anak ni Gideon o ng iisang tao? At huwag ninyong kalilimutang ako'y dugo ng inyong dugo at laman ng inyong laman.”

3Ang mga taga-Shekem ay kinausap nga ng mga kamag-anak ng ina ni Abimelec. Pinagkaisahan ng mga ito na siya na ang mamahala sa kanila, sapagkat siya naman ay kamag-anak nila.

4Binigyan nila si Abimelec ng pitumpung pirasong pilak mula sa kabang-yaman ng templo ni Baal-berit. Ginamit niya ito bilang pambayad sa ilang tao roon na walang magawang magaling at sila'y sumama sa kanya.

5Nagpunta siya sa Ofra, sa bahay ng kanyang ama at pinatay sa ibabaw ng isang malaking bato ang kanyang pitumpung kapatid sa ama niyang si Gideon. Lahat ay napatay niya liban kay Jotam na siyang pinakabata sapagkat nakapagtago ito.

6Ang mga taga-Shekem at Bethmilo ay sama-samang nagpunta sa may malaking puno sa Shekem at ginawa nilang hari si Abimelec.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Nang mabalitaan ito ni Jotam, tumayo siya sa taluktok ng Bundok ng Gerizim at sumigaw, “Mga taga-Shekem, makinig kayo sa akin upang makinig sa inyo ang Diyos.

8Isang araw, nag-usap-usap ang mga punongkahoy upang pumili ng hari nila. Sinabi nila sa olibo, ‘Ikaw ang maghari sa amin.’

9Sumagot ang olibo, ‘Hindi ko maiiwan ang paggawa ng langis na ginagamit sa pagpaparangal sa mga diyos at sa mga tao para maghari lamang sa inyo.’

10Sinabi nila sa igos, ‘Ikaw na ang maghari sa amin.’

11Ngunit sumagot ang igos, ‘Hindi ko maaaring itigil ang pagbibigay ng masasarap kong bunga upang pagharian ko lamang kayo.’

12Kaya sinabi nila sa ubas, ‘Ikaw na ang maghari sa amin.’

13Sumagot ang ubas, ‘Hindi ko maaaring itigil ang pagbibigay ng alak na pampasaya sa mga diyos at sa mga tao upang pagharian ko lamang kayo.’

14Kaya, sinabi nila sa halamang matinik, ‘Ikaw na nga ang maghari sa amin.’

15Ang sagot ng halamang matinik, ‘Kung talagang gusto ninyo akong maging hari, sumilong kayo sa akin. Kung ayaw ninyong sumilong, magpapalabas ako ng apoy sa aking mga tinik upang sunugin ang mga sedar ng Lebanon.’

16“Ngayon,” patuloy ni Jotam, “sang-ayon ba sa inyong malinis na hangarin na ginawa ninyong hari si Abimelec? Iginalang ba ninyo ang alaala ni Gideon, at nilalapastangan ninyo ang kanyang pamilya?

17Alalahanin ninyong kayo'y ipinaglaban ng aking ama. Itinaya niya ang kanyang buhay upang iligtas kayo sa mga Midianita.

18Ngunit ngayo'y kinakalaban ninyo ang sambahayan ng aking ama. Pinatay ninyo ang pitumpu niyang anak sa ibabaw ng isang bato at si Abimelec na anak niya sa kanyang aliping babae ang ginawa ninyong hari sapagkat kamag-anak ninyo.

19Kung iyan ang inaakala ninyong dapat iganti sa kabutihan sa inyo ni Gideon at sa kanyang sambahayan, ipagpatuloy ninyo. Magpakaligaya kayo, pati si Abimelec.

20Ngunit kung hindi, sana'y sumiklab ang apoy mula kay Abimelec at tupukin ang mga lalaki ng Shekem at Bethmilo. Sumiklab sana ang apoy mula sa mga lalaki ng Shekem at Bethmilo at sunugin si Abimelec.”

21Pagkasabi nito'y patakbong umalis si Jotam at nagtago sa Beer dahil sa takot sa kapatid niyang si Abimelec.

22Tatlong taóng pinamunuan ni Abimelec ang Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

23 Ngunit nagpadala ang Diyos ng espiritu ng hidwaan sa mga taga-Shekem at kay Abimelec. Dahil dito, naghimagsik ang mga kalalakihan ng Shekem laban kay Abimelec.

24 Nangyari ito upang pagbayarin si Abimelec at ang mga nagsulsol sa kanya na patayin ang pitumpung anak ni Gideon.

25 Ang mga taga-Shekem ay naglagay ng mga tauhan upang tambangan sa bundok si Abimelec. Hinaharang nila ang lahat ng magdaan doon. Nabalitaan ito ni Abimelec.

26 Noon, si Gaal na anak ni Ebed ay nagpunta sa Shekem, kasama ang kanyang mga kapatid. Nagtiwala naman sa kanya ang mga tagaroon.

27 Namitas sila ng ubas, ginawa itong alak, at sila'y nagpista. Sa kainitan ng pista ay pumasok sila sa templo ng kanilang diyus-diyosan. Kumain sila roon at nag-inuman habang patuloy na kinukutya si Abimelec.

28 Sinabi ni Gaal, “Bakit ba tayo pasasakop kay Abimelec? Sino siya kung ihahambing sa mga taga-Shekem? Hindi ba anak lamang siya ni Gideon? At pati si Zebul ay sunud-sunuran sa kanya! Bakit nga tayo pasasakop sa kanya? Ibangon ninyo ang karangalan ng ninuno ninyong si Hamor.

29 Kung ako ang mamumuno sa inyo, tiyak na matatalo natin siya. Sasabihin ko sa kanyang ilabas na niya ang buo niyang hukbo at maglaban kami.”

30 Nabalitaan ni Zebul na tagapamahala ng lunsod ang pinagsasabi ni Gaal, kaya't ito'y nagalit.

31 Nagsugo siya kay Abimelec sa Aruma at ipinasabi, “Si Gaal at ang kanyang mga kamag-anak ay narito sa Shekem. Pinag-aalsa nila ang mga taga-Shekem laban sa iyo.

32 Kaya mamayang gabi, isama mo ang iyong mga tauhan. Magtago muna kayo sa labas ng lunsod.

33 Bukas, pagsikat ng araw, bigla kayong sumalakay. Kapag lumaban sila Gaal, gawin mo na sa kanya ang gusto mo.”

34 Kaya't lumakad si Abimelec at ang kanyang mga tauhan. Sila'y nag-apat na pangkat at nagtago muna sa labas ng Shekem.

35 Kinaumagahan, tumayo si Gaal sa may pagpasok ng lunsod. Sina Abimelec naman ay lumabas sa kanilang pinagtataguan.

36 Nang makita sila ni Gaal, sinabi nito kay Zebul, “May mga taong nanggagaling sa kabundukan.” Sumagot si Zebul, “Anino lamang ng bundok ang nakikita mo. Ang tingin mo lang ay tao.”

37 Sinabi uli ni Gaal, “May mga taong bumababa sa may burol. May isang pangkat pang nagmumula sa may sagradong puno ng ensina.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

38Sinabi na sa kanya ni Zebul, “Tingnan ko ngayon ang yabang mo. Di ba't itinatanong mo kung sino si Abimelec para sumakop sa atin? Sila na iyon. Bakit di mo sila labanan?”

39Tinipon nga ni Gaal ang mga taga-Shekem at hinarap sina Abimelec.

40Ngunit natalo siya kaya napilitang tumakas. Hinabol siya ni Abimelec at marami ang nabuwal na sugatan hanggang sa may pagpasok ng lunsod.

41Nagbalik na sa Aruma si Abimelec. Si Gaal naman at ang natitira pa niyang kamag-anak ay pinalayas ni Zebul sa Shekem at pinagsabihang huwag nang magbalik.

42Kinabukasan, ang mga taga-Shekem ay lumabas ng bukid at ito'y nalaman ni Abimelec.

43Pinagtatlong pangkat niya ang kanyang mga tauhan at sila'y nag-abang. Nang makita nila ang mga taga-Shekem, pinatay nila ang mga ito.

44Ang pangkat ni Abimelec ay nagmamalaking nagpunta sa pagpasok ng lunsod upang magbantay samantalang pinapatay ng dalawang pangkat ang mga tao sa kabukiran.

45Sina Abimelec ay maghapong nakipaglaban sa mga taga-Shekem bago nila naubos ang mga tagaroon at nasakop ang lunsod. Pagkatapos, iginuho nila ang buong lunsod at sinabugan ng makapal na asin ang lupa.

46Nang mabalitaan ito ng mga nakatira sa kastilyo sa Shekem, nagtago sila sa templo ni Baal-berit.

47Nalaman ito ni Abimelec,

48kaya't isinama niya sa Bundok Zalmon ang kanyang mga tauhan. Pagdating doon, pumutol siya ng mga sanga ng kahoy at pinasan. Lahat ng tauhan niya'y pinakuha rin niya ng mga sanga ng kahoy.

49Nagkanya-kanya sila ng pasan at sumunod kay Abimelec. Ang mga ito'y itinambak nila sa ibaba ng tore at sinunog. Namatay lahat ang nasa loob nitong may sanlibong katao, pati mga babae.

50Pagkatapos, sina Abimelec ay nagtuloy sa Tebez at sinakop iyon.

51May matibay na tore doon na pinagtataguan ng mga taga-Tebez. Nang makapasok na ang lahat, sinarhan nila ang daan at sila'y umakyat hanggang sa tuktok ng tore.

52Sinundan sila ni Abimelec at susunugin na sana ang tore,

53ngunit siya'y binagsakan ng malaking bato ng isang babaing naroon at nabasag ang kanyang bungo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

54Kaya't dali-dali niyang tinawag ang kanyang lingkod at sinabi, “Patayin mo ako ng iyong tabak para hindi nila sabihing babae ang nakapatay sa akin.” Kaya, siya'y sinaksak ng kanyang lingkod at namatay.

55Nang malaman ng mga Israelita na patay na si Abimelec, nag-uwian na sila sa kanya-kanyang tahanan.

56Sa ganitong paraan, si Abimelec ay siningil ng Diyos dahil sa pagpatay sa pitumpu niyang kapatid.

57Pinagdusa rin ng Diyos ang mga taga-Shekem, tulad ng sumpa sa kanila ni Jotam na anak ni Gideon.

## Mga Hukom 10

### Sina Tola at Jair

1Pagkamatay ni Abimelec, si Tola na anak ni Pua at apo ni Dodo, buhat sa lipi ni Isacar ang nagligtas sa Israel sa pagkaalipin. Tumira siya sa Samir, sa kaburulan ng Efraim.

2Dalawampu't tatlong taon siyang naging hukom at pinuno ng Israel, at nang mamatay ay inilibing sa Samir.

3Ang pumalit kay Tola ay si Jair na taga-Gilead at siya'y naging hukom at pinuno ng Israel nang dalawampu't dalawang taon.

4Tatlumpu ang kanyang anak at may kanya-kanyang asno. Sa Gilead ay may tatlumpung lunsod na ang tawag ay Mga Nayon ni Jair.

5Namatay siya at inilibing sa Camon.

### Ang mga Israelita'y Pinahirapan ng mga Ammonita

6Ang mga Israelita'y muling gumawa ng kasamaan laban kay Yahweh sapagkat sila'y sumamba sa mga Baal at mga Astarot, mga diyus-diyosan ng mga taga-Aram, Sidon, Moab, Ammon at Filisteo.

7Dahil dito, nagalit sa kanila si Yahweh at hinayaan silang masakop ng mga Ammonita at mga Filisteo.

8At sa loob ng labingwalong taon, pinahirapan sila ng mga ito sa Gilead, sa silangan ng Ilog Jordan.

9Sinalakay rin ng mga Ammonita ang mga nasa ibayo ng Ilog Jordan: ang mga lipi nina Juda, Benjamin at Efraim. Kaya't lubhang nahirapan ang Israel.

10Dumulog kay Yahweh ang mga Israelita at kanilang sinabi, “Nagkasala kami sa inyo, sapagkat tumalikod kami sa aming Diyos at sumamba sa mga Baal.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Ang sagot sa kanila ni Yahweh, “Nang kayo'y pahirapan ng mga Egipcio, Amoreo, Ammonita, Filisteo,

12Sidonio, Amalekita at mga Maonita, humingi kayo ng saklolo sa akin at iniligtas ko naman kayo.

13Ngunit tinalikuran ninyo ako at sumamba kayo sa mga diyus-diyosan. Kaya hindi ko na kayo muling ililigtas.

14Sa inyong mga diyus-diyosan kayo humingi ng tulong sa panahon ng inyong kagipitan!”

15Kaya't sinabi ng mga Israelita kay Yahweh, “Nagkasala nga po kami at gawin ninyo sa amin ang nais ninyong gawin, iligtas lamang ninyo kami ngayon.”

16Nang araw ring iyon, inalis nila ang kanilang mga diyus-diyosan at muling naglingkod kay Yahweh. Kaya't nabagbag ang kalooban ni Yahweh dahil sa paghihirap ng Israel.

17Dumating ang araw na naghanda sa pakikidigma ang mga Ammonita laban sa mga Israelita. Ang mga Ammonita ay nagkampo sa Gilead; sa Mizpa naman ang mga Israelita.

18Nag-usap ang mga taga-Gilead at lahat ng tagaroon, “Kung sino ang mangunguna sa atin sa pakikipaglaban sa mga Ammonita ay siya nating kikilalaning pinuno ng buong Gilead.”

## Mga Hukom 11

### Si Jefta

1Si Jefta na taga-Gilead ay isang matapang na mandirigma. Si Gilead ang kanyang ama at ang ina niya'y isang babaing nagbebenta ng panandaliang-aliw.

2May iba pang anak si Gilead sa kanyang tunay na asawa, at nang lumaki ang mga ito ay pinalayas nila si Jefta. Sinabi nila, “Wala kang mamanahin mula sa aming ama sapagkat ikaw ay anak sa labas.”

3Kaya, umalis si Jefta at nanirahan sa Tob. Doon ay nagbuo siya ng pangkat ng mga taong itinakwil din ng lipunan at sama-sama sila sa pandarambong.

4Pagkalipas ng ilang panahon, nilusob ng mga Ammonita ang Israel.

5Dahil dito, si Jefta ay ipinasundo mula sa lupain ng Tob ng mga pinuno ng Gilead.

6Sinabi nila, “Ikaw ang manguna sa amin sa pakikipaglaban sa mga Ammonita.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Sumagot si Jefta, “Hindi ba't nasusuklam kayo sa akin kaya ninyo ako pinaalis sa Gilead? Bakit lalapitan ninyo ako ngayong nahaharap kayo sa panganib?”

8Ngunit sinabi nila, “Ikaw ang nilalapitan namin ngayon sapagkat gusto naming makasama ka sa pakikipaglaban sa mga Ammonita. Gusto rin naming ikaw ang mamuno sa Gilead.”

9Sinabi ni Jefta, “Kapag isinama ninyo ako sa pakikipaglaban sa kanila at niloob ni Yahweh na ako'y magtagumpay, ako ang kikilalanin ninyong pinuno.”

10Sumagot sila, “Oo, ikaw ang gagawin naming pinuno, saksi natin si Yahweh.”

11Sumama nga si Jefta sa matatandang pinuno patungong Gilead at ginawa siyang pinuno at tagapamahala ng mga tagaroon. Ipinahayag ni Jefta sa Mizpa sa harapan ni Yahweh ang mga patakaran niya bilang pinuno.

12Si Jefta ay nagpadala ng mga sugo sa hari ng mga Ammonita at kanyang ipinatanong, “Ano ba ang atraso namin sa inyo? Bakit ninyo nilulusob ang aming bayan?”

13Ganito ang sagot ng hari ng mga Ammonita sa mga sugo ni Jefta: “Gusto naming maibalik sa amin ang aming lupain, sapagkat nang dumating dito ang mga Israelita buhat sa Egipto, kinamkam nila ang aming lupain mula sa Ilog Arnon hanggang sa Ilog Jabboc at ng Jordan.”

14Pinabalik ni Jefta ang kanyang mga sugo sa hari ng mga Ammonita

15at ipinasabi, “Hindi namin kinamkam ang lupain ng Moab o ng Ammon.

16Nang umalis sa Egipto ang aming mga ninuno, naglakbay sila sa disyerto patungong Dagat na Pula hanggang sa Kades.

17Pagkatapos, nagpadala sila ng mga sugo sa hari ng Edom upang humingi ng pahintulot na dumaan sa lupaing ito, ngunit hindi sila pinayagan nito. Ganoon din ang ginawa ng hari ng Moab. Kaya, ipinasya nilang tumigil sa Kades.

18Nagpatuloy sila sa paglalakbay sa disyerto. Iniwasan nila ang Edom at Moab hanggang sa sumapit sila sa gawing silangan ng Moab, sa ibayo ng Ilog Arnon. Nagkampo sila roon. Hindi sila tumawid ng ilog sapagkat iyon ang hangganan ng Moab.

19At nagpadala sila ng mga sugo sa Hesbon, kay Haring Sihon ng mga Amoreo, upang humingi ng pahintulot na dumaan sa lupain nito.

20Ngunit hindi pumayag si Sihon. Sa halip, tinipon nito sa Jahaz ang kanyang hukbo at sinalakay ang mga Israelita.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Ngunit sila'y ibinigay ni Yahweh sa kamay ng mga Israelita. Kaya, ang lahat ng lupain ng mga Amoreo sa dakong iyon ay nasakop ng mga Israelita:

22buhat sa Ilog Arnon, sa timog, hanggang sa Jabboc sa hilaga, at buhat naman sa disyerto, sa silangan hanggang sa Jordan, sa kanluran.

23Kaya si Yahweh ang nagtaboy sa mga Amoreo upang ang lupain nila'y tirhan ng mga Israelita.

24At ngayo'y gusto ninyo itong kunin? Inyo nang lahat ang ibinigay sa inyo ng diyus-diyosan ninyong si Cemos ngunit huwag ninyong papakialaman ang ibinigay sa amin ni Yahweh na aming Diyos.

25Sa palagay mo ba'y mas magaling ka kaysa kay Balac na hari ng Moab? Ni minsa'y hindi niya tinangkang digmain ang Israel.

26Tatlong daang taon nang naninirahan ang mga Israelita sa Hesbon, Aroer, sa mga bayan sa paligid nito, at sa mga lunsod sa palibot ng Ilog Arnon. Bakit ngayon lamang ninyo naisipang bawiin ang mga ito?

27Wala akong kasalanan sa iyo, ikaw itong may kasalanan sa akin dahil sinasalakay mo ako. Si Yahweh, ang Hukom, ang magpapasya ngayon sa Israel at Ammon."

28Ngunit ang pasabing ito ni Jefta ay hindi pinansin ng hari ng mga Ammonita.

29Ang Espiritu ni Yahweh ay lumukob kay Jefta. Tinipon niya ang mga tao sa Gilead at Manases, pagkatapos ay nagbalik sa Mizpa, Gilead at saka nagtuloy upang salakayin ang mga Ammonita.

30Sumumpa si Jefta kay Yahweh ng ganito: "Kapag pinagtagumpay ninyo ako laban sa mga Ammonita,

31susunugin ko bilang handog sa inyo ang unang lalabas sa aking bahay at sasalubong sa akin pag-uwi ko."

32Sinalakay nga ni Jefta ang mga Ammonita at pinagtagumpay siya ni Yahweh.

33Nagapi nila ang mga kalaban at nasakop ang dalawampung lunsod mula sa Aroer, sa palibot ng Minit hanggang sa Abelqueramim. Marami silang napatay na Ammonita.

**Ang Anak ni Jefta**

34Nang magbalik si Jefta sa Mizpa, sinalubong siya ng anak niyang babae na sumasayaw sa saliw ng tamburin. Siya ang kaisa-isang anak ni Jefta.

35Nang makita siya ni Jefta, pinunit niya ang kanyang damit at buong paghihinagpis na sinabi, "Anak ko, kay bigat na bagay nitong ginawa mo sa akin ngayon. Ang panata ko kay Yahweh ay hindi ko na mababawi pa!"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

36Sumagot ang anak ni Jefta, “Kung may panata kayo kay Yahweh, tuparin
ninyo iyon sapagkat ipinaghiganti niya kayo laban sa inyong mga kaaway na
mga Ammonita.

37Ngunit may isa lamang po akong ipapakiusap sa inyo: bayaan ninyong
isama ko sa bundok ang aking mga kaibigan upang ipagluksa ko nang
dalawang buwan ang aking pagkabirhen.”

38Pumayag naman si Jefta na umalis ng dalawang buwan ang anak niya.
Nagpunta nga ito sa bundok, kasama ang kanyang mga kaibigan upang
ipagluksa ang kanyang pagkabirhen sapagkat mamamatay siya nang hindi
makakapag-asawa.

39Pagkaraan ng dalawang buwan, nagbalik siya sa kanyang ama at
isinagawa naman nito ang kanyang panata kay Yahweh. At siya nga'y
namatay na isang birhen. Mula noon, naging kaugalian na sa Israel

40na taun-taon ay apat na araw na ipagluksa ng mga kababaihan ang
dalagang anak ni Jefta.

## Mga Hukom 12

### Si Jefta at ang Lipi ni Efraim

1Ang mga kalalakihan ng Efraim ay tinipon upang makipagdigma. Sama-
sama silang tumawid ng Ilog Jordan at nagpunta sa Zafon upang kalabanin
si Jefta. Itinanong nila sa kanya, “Bakit hindi mo kami tinawag bago ka
nakipagdigma sa mga taga-Ammon? Dahil sa ginawa mong iyan, susunugin
namin ang bahay mo at itatambak ka namin doon.”

2Sumagot si Jefta, “Kami at ang mga Ammonita ay nagkaroon ng matinding
alitan. Humingi kami ng tulong sa inyo ngunit hindi ninyo kami pinansin.

3Kaya, itinaya ko na ang buhay ko sa pakikipagdigma sa kanila.
Pinagtagumpay naman ako ni Yahweh. Bakit gusto ninyo akong salakayin
ngayon?”

4Tinipon ni Jefta ang kanyang mga tauhan at nilabanan ang mga taga-Efraim
sapagkat sinabi ng mga ito, “Kayong mga taga-Gilead, mga takas lang kayo
mula sa Efraim! Nakikitira lang kayo sa Efraim at Manases!” Ang mga taga-
Efraim ay tinalo ng mga taga-Gilead.

5Binantayan nila ang mga lugar ng Ilog Jordan na maaaring tawiran ng tao
upang hindi makatawid ang mga taga-Efraim. Ang sinumang nais tumawid
ay tinatanong nila kung taga-Efraim. Kapag sumagot ng, “Hindi,”

6ipinapasabi nila ang salitang, “Shibolet.” Kung hindi ito mabigkas nang tama
at sa halip ay sinasabing, “Sibolet,” papatayin nila ito sa may tawiran ng Ilog

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Jordan. At nang panahong iyon, umabot sa 42,000 taga-Efraim ang kanilang napatay.

7Si Jefta ay anim na taóng naging hukom at pinuno ng Israel. Nang siya'y mamatay, inilibing siya sa kanyang sariling bayan sa Gilead.

**Sina Ibzan, Elon at Abdon**

8Nang mamatay si Jefta, si Ibzan na taga-Bethlehem naman ang naging hukom at pinuno ng Israel.

9Animnapu ang kanyang anak: tatlumpung lalaki at tatlumpung babae. Ang pinili niyang maging asawa ng kanyang mga anak ay pawang di kabilang sa kanilang angkan. Pitong taon siyang naging hukom at pinuno ng Israel.

10Nang siya'y mamatay, inilibing siya sa Bethlehem.

11Nang mamatay si Ibzan, si Elon na taga-Zebulun naman ang naging hukom at pinuno ng Israel sa loob ng sampung taon.

12Nang siya'y mamatay, inilibing siya sa Ayalon, sakop ng Zebulun.

13Pagkatapos, ang sumunod na naging hukom at pinuno ng Israel ay si Abdon na anak ni Hillel na taga-Piraton.

14Ang mga anak niyang lalaki ay apatnapu at siya'y may tatlumpung apo; bawat isa sa kanila'y may sari-sariling asno. Siya ay naging hukom at pinuno ng Israel sa loob ng walong taon.

15Nang siya'y mamatay, inilibing siya sa Piraton, sakop ng Efraim, sa kaburulang sakop ng mga Amalekita.

## Mga Hukom 13

**Ipinanganak si Samson**

1Muling gumawa ng kasamaan ang mga Israelita laban kay Yahweh kaya sila'y hinayaan niyang masakop ng mga Filisteo sa loob ng apatnapung taon.

2Nang panahong iyon, sa bayan ng Zora ay may isang lalaking nagngangalang Manoa na kabilang sa lipi ni Dan. Ang asawa niya ay hindi magkaanak sapagkat ito'y baog.

3Minsan, nagpakita sa babae ang anghel ni Yahweh at sinabi, “Hindi ka pa nagkakaanak. Ngunit hindi magtatagal, maglilihi ka at manganganak.

4Kaya, mula ngayon ay huwag kang iinom ng anumang uri ng alak ni titikim ng anumang ipinagbabawal na pagkain.

5Kapag naisilang mo na ang iyong anak na lalaki, huwag mo siyang puputulan ng buhok sapagkat mula pa sa kanyang pagsilang ay ilalaan na

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

siya sa Diyos bilang isang Nazareo. Siya ang magsisimulang magligtas sa Israel mula sa mga Filisteo."

6Lumapit ang babae sa kanyang asawa at sinabi, "Nagpakita sa akin ang isang lingkod ng Diyos, at ang hitsura niya'y kakila-kilabot na parang anghel ng Diyos. Hindi ko tinanong kung saan siya galing at hindi naman niya sinabi kung sino siya.

7Huwag daw akong iinom ng alak ni titikim ng anumang ipinagbabawal na pagkain sapagkat ang sanggol na isisilang ko'y ilalaan sa Diyos bilang isang Nazareo."

8Dahil dito, nanalangin si Manoa, "Yahweh, kung maaari'y pabalikin ninyo sa amin ang nasabing lingkod ng Diyos upang sabihin ang lahat ng nararapat naming gawin sa magiging anak namin."

9Tinugon naman ni Yahweh ang kahilingan ni Manoa. Nagpakita muli ang anghel sa asawa ni Manoa nang ito'y nag-iisang nakaupo sa bukid.

10Dali-dali niyang hinanap ang kanyang asawa at sinabi, "Manoa, halika! Naritong muli ang lalaking nagpakita sa akin noong isang araw."

11Sumunod naman si Manoa. Nang makita niya ang lalaki, tinanong niya ito, "Kayo po ba ang nakausap ng aking asawa?" "Oo," sagot nito.

12"Kung magkakatotoo ang sinabi ninyo, ano ang magiging buhay ng bata at ano ang dapat niyang gawin?" tanong ni Manoa.

13Sumagot ang anghel ni Yahweh, "Kailangang sundin ng asawa mo ang lahat ng sinabi ko sa kanya.

14Huwag siyang kakain ng anumang mula sa puno ng ubas. Huwag rin siyang iinom ng anumang uri ng alak ni titikim ng anumang ipinagbabawal na pagkain. Kailangan niyang sundin ang lahat ng sinabi ko sa kanya."

15"Huwag po muna kayong aalis at ipagluluto ko kayo ng isang batang kambing," pakiusap ni Manoa.

16"Huwag mo na akong ipaghanda at hindi ko naman kakainin. Kung gusto mo, sunugin mo na lamang ang kambing na iyon bilang handog kay Yahweh," sagot ng anghel. Hindi alam ni Manoa na anghel pala ni Yahweh ang kausap niya.

17Sinabi ni Manoa, "Kung gayo'y sabihin man lang ninyo sa amin ang inyong pangalan para malaman namin kung sino ang pasasalamatan namin sa sandaling magkatotoo itong sinasabi ninyo."

18Sinabi ng anghel ni Yahweh, "Bakit gusto pa ninyong malaman ang aking pangalan? Ito'y kamangha-manghang pangalan."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Noon din, si Manoa'y kumuha ng kambing at handog na pagkaing butil.
Sinunog niya ang mga ito sa ibabaw ng isang malaking bato bilang handog
kay Yahweh, na gumagawa ng kababalaghan.

20Nang nagliliyab na ang apoy, nakita ng mag-asawang Manoa na ang
anghel ay umakyat sa langit sa pamamagitan ng apoy. Nagpatirapa ang mag-
asawa,

21sapagkat noon nila naunawaan na ang nakausap pala nila'y isang anghel
ni Yahweh. Hindi na nila muling nakita ang anghel.

22Makalipas ang ilang sandali, sinabi ni Manoa sa kanyang asawa, “Tiyak na
mamamatay tayo sapagkat nakita natin ang Diyos.”

23Ngunit ang sagot ng kanyang asawa, “Kung papatayin tayo ni Yahweh,
hindi sana niya tinanggap ang ating handog. Hindi rin sana niya
pinahintulutang masaksihan natin ang lahat ng ito, ni sabihin ang mga narinig
natin.”

24Dumating ang araw at nanganak ang asawa ni Manoa. Lalaki ang sanggol
at pinangalanan nilang Samson. Lumaki ang batang patuloy na pinagpapala
ni Yahweh.

25At nagsimulang udyukan ng Espiritu ni Yahweh si Samson at siya'y
pinakilos nito sa kampo ng Dan na nasa pagitan ng Zora at ng Estaol.

## Mga Hukom 14

### Nag-asawa si Samson ng Dalagang Taga-Timna

1Minsan, nagpunta si Samson sa Timna at nakakita siya roon ng isang
dalagang Filistea.

2Nang siya'y umuwi, sinabi niya sa kanyang mga magulang, “Mayroon po
akong nakitang isang dalagang Filistea sa Timna. Kunin po ninyo siya para
sa akin. Gusto ko siyang mapangasawa.”

3“Bakit naman gusto mo pang sa angkan ng mga hindi tuling iyon ka pipili ng
mapapangasawa? Wala ka bang mapili sa ating angkan, sa ating mga
kababayan?” tanong ng mga ito. Sumagot si Samson, “Basta siya po ang
gusto kong mapangasawa.”

4Hindi alam ng mga magulang ni Samson na ang ginagawa niya ay kalooban
ni Yahweh upang bigyan ito ng pagkakataong digmain ang mga Filisteo. Ang
Israel noon ay nasasakop ng mga Filisteo.

5Pumunta si Samson sa Timna kasama ang kanyang mga magulang.
Habang dumaraan sa isang ubasan, may isang batang leon na umungal kay
Samson.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Kaya't pinalakas siya ng Espiritu ni Yahweh at pinatay niya sa pamamagitan lamang ng kanyang mga kamay ang leon na para lamang isang batang kambing. Ngunit hindi niya ito ipinaalam sa kanyang mga magulang.

7Pagkatapos ay pinuntahan ni Samson ang dalaga at kinausap. Lalo niya itong nagustuhan.

8Pagkalipas ng ilang araw, nagbalik siya upang pakasalan na ang babae. Pagdating niya sa pinagpatayan niya ng leon, naisipan niyang tingnan ito. Ang nakita niya'y isang malaking bahay ng pukyutan sa loob ng katawan ng napatay niyang leon.

9Sinalok niya ng kanyang mga kamay ang pulot at kinain saka nagpatuloy sa kanyang lakad. Pagbalik niya, inuwian pa niya ng pulot ang kanyang mga magulang. Kinain naman nila ito, ngunit hindi alam kung saan galing. Hindi sinabi ni Samson na iyon ay galing sa bangkay ng napatay niyang leon.

10Pumunta ang ama ni Samson sa bahay ng kanyang mapapangasawa. Tulad ng kaugalian ng mga binata noon, naghanda si Samson doon ng salu-salo.

11Nang makita siya ng mga Filisteo, siya'y binigyan nila ng tatlumpung abay na kabataang lalaki.

12Naisipan ni Samson na sila'y bigyan ng palaisipan. Ang sabi niya, “Mayroon akong bugtong. Kapag nahulaan ninyo bago matapos ang pitong araw na handaan, bibigyan ko kayo ng tatlumpung piraso ng pinong lino at tatlumpung magagarang damit.

13Ngunit kung hindi ninyo ito mahulaan, ako naman ang bibigyan ninyo ng tatlumpung pinong lino at tatlumpung magagarang damit.” Sumagot sila, “Payag kami.”

14Sinabi ni Samson, “Mula sa kumakain ay lumabas ang pagkain; at mula sa malakas, matamis ay lumabas.” Tatlong araw na ang nakararaa'y hindi pa nila ito mahulaan.

15Nang ikaapat na araw, sinabi nila sa asawa ni Samson, “Suyuin mo ang iyong asawa para malaman namin ang sagot sa bugtong niya. Kung hindi, susunugin ka namin at ang iyong pamilya. Inanyayahan ba ninyo kami para mamulubi?”

16Kaya, lumapit ang babae kay Samson at lumuluhang sinabi, “Hindi mo ako mahal. Nagpapahula ka ng bugtong sa aking mga kaibigan ngunit hindi mo sinasabi sa akin ang sagot.” Sumagot si Samson, “Kung sa aking mga magulang ay hindi ko ito ipinaalam, sa iyo pa?”

17Ang babae'y patuloy sa pag-iyak at panunuyo kay Samson sa loob ng pitong araw nilang handaan. Kaya, nang ikapitong araw, sinabi rin niya ang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

sagot sa bugtong dahil sa kakulitan nito. Ang sinabi ni Samson ay sinabi naman nito sa kanyang mga kaibigan.

18At bago dumilim nang ikapitong araw, ang mga taga-Timna ay nagpunta kay Samson at kanilang sinabi, "May tatamis pa ba sa pulot-pukyutan? At may lalakas pa ba sa leon?" Sinabi sa kanila ni Samson, "Kung ang aking asawa'y di ninyo tinakot, hindi sana nalaman ang tamang sagot."

19At si Samson ay pinalakas ng Espiritu ni Yahweh. Nagpunta siya sa Ashkelon at pumatay ng tatlumpung kalalakihan. Kinuha niya ang magagarang kasuotan ng mga ito at ibinigay sa mga nakasagot sa kanyang bugtong. Pagkatapos, umuwi siyang galit na galit dahil sa nangyari.

20At ang asawa naman niya'y ibinigay sa pangunahing abay na lalaki.

## Mga Hukom 15

1Hindi nagtagal at dumating ang panahon ng anihan. Dala ang isang batang kambing, dinalaw ni Samson ang kanyang asawa, ngunit ayaw siyang papasukin ng biyenan niyang lalaki.

2Sa halip ay sinabi, "Akala ko'y galit na galit ka sa kanya, kaya ibinigay ko siya sa kaibigan mo. Ngunit kung gusto mo, nariyan ang mas batang kapatid niya at mas maganda pa sa kanya. Maaari mo na siyang kunin."

3Sumagot si Samson, "Sa ginawa ninyong iyan, hindi ninyo ako maaaring sisihin sa gagawin ko sa inyong mga Filisteo."

4Umalis si Samson at humuli ng tatlong daang asong-gubat. Pinagtatali niya ang mga ito sa buntot nang dala-dalawa at kinabitan ng sulo.

5Pagkatapos ay sinindihan niya ang sulo at pinakawalan sa triguhan ang mga asong-gubat. Kaya nasunog lahat ang trigo, hindi lamang ang mga naani na kundi pati iyong hindi pa naaani. Ganoon din ang ginawa niya sa taniman ng olibo.

6Ipinagtanong ng mga Filisteo kung sino ang may kagagawan niyon, at nalaman nilang si Samson, sapagkat ibinigay ng biyenan niyang taga-Timna ang kanyang asawa sa kasamahan ni Samson. Kaya't pinuntahan nila ang babae at sinunog siya pati ang ama nito.

7Sinabi ni Samson sa mga Filisteo, "Dahil sa ginawa ninyong ito sa akin, hindi ako titigil hangga't hindi ako nakakaganti sa inyo."

8Sila'y sinalakay niya at marami ang kanyang napatay. Pagkatapos, umalis siya at tumira muna sa yungib ng Etam.

**Nilupig ni Samson ang mga Filisteo**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Isang araw, kinubkob ng mga Filisteo ang Juda at sinalakay ang bayan ng Lehi.

10Nagtanong ang mga taga-Juda, "Bakit ninyo kami sinasalakay?" "Upang hulihin si Samson at gawin sa kanya ang ginawa niya sa amin," sagot nila.

11Kaya't ang tatlong libong kalalakihan ng Juda ay nagpunta sa yungib sa Etam. Tinanong nila si Samson, "Hindi mo ba alam na tayo'y sakop ng mga Filisteo? Bakit mo ginawa ito sa kanila? Pati kami'y nadadamay!" "Ginantihan ko lang sila sa ginawa nila sa akin," sagot niya.

12Sinabi nila, "Naparito kami para gapusin ka! Isusuko ka namin sa mga Filisteo." Sumagot si Samson, "Payag ako kung ipapangako ninyong hindi ninyo ako papatayin."

13Sinabi nila, "Hindi ka namin papatayin. Gagapusin ka lang namin at ibibigay sa kanila." Kaya't siya'y ginapos nila ng dalawang bagong lubid at inilabas sa yungib.

14Pagdating nila sa Lehi, sinalubong sila ng naghihiyawang mga Filisteo. Ngunit si Samson ay pinalakas ng Espiritu ni Yahweh at ang kanyang gapos ay pinatid niya na para lamang nasusunog na sinulid.

15May nakita siyang panga ng asno. Dinampot niya ito at siyang ginamit sa pagpatay sa may sanlibong Filisteo.

16Pagkatapos, umawit siya ng ganito: "Sa pamamagitan ng panga ng asno, pumatay ako ng sanlibo; sa pamamagitan ng panga ng asno, nakabunton ang mga bangkay ng tao."

17Pagkatapos, itinapon niya ang panga ng asno; at ang lugar na iyon ay tinawag na Burol ng Panga.

18Pagkatapos, si Samson ay nakadama ng matinding uhaw. Kaya tumawag siya kay Yahweh at sinabi, "Pinagtagumpay ninyo ako, ngunit ngayo'y mamamatay naman ako sa uhaw at mabibihag ng mga hindi tuling ito."

19Kaya't ang Diyos ay nagpabukal ng tubig sa Lehi. Uminom si Samson at nanumbalik ang kanyang lakas. Ang bukal na iyon ay tinawag niyang Bukal ng Tumawag sa Diyos. Naroon pa ito hanggang ngayon.

20Si Samson ay naging hukom at pinuno ng Israel sa loob ng dalawampung taon, bagama't sakop pa rin ng mga Filisteo ang lupain ng Israel.

## Mga Hukom 16

### Si Samson sa Gaza

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1 Minsan, si Samson ay nagpunta sa Gaza. Doo'y may nakilala siyang isang babaing nagbebenta ng panandaliang-aliw. Siya ay nagpalipas ng gabi roon kasama ang babaing ito.

2 Nalaman ng mga Filisteo na siya'y naroon, kaya't pinaligiran nila ang lugar na iyon, at magdamag na nagbantay sa pasukan ng lunsod. Ipinasya nilang magbantay hanggang umaga upang tiyak na mapatay nila si Samson.

3 Ngunit nang hatinggabi na'y pumunta sa pintuang-bayan si Samson, inalis ang mga pangharang, poste at tarangka. Pinasan niya ang mga ito at dinala sa ibabaw ng gulod sa tapat ng Hebron.

**Sina Samson at Delilah**

4 Pagkatapos nito'y umibig naman si Samson sa isang dalagang nakatira sa libis ng Sorek. Siya ay si Delilah.

5 Ang babaing ito'y nilapitan ng limang pinunong Filisteo at kanilang sinabi, “Suyuin mo si Samson para malaman namin kung ano ang lihim ng kanyang lakas at nang mabihag namin siya. Kapag nagawa mo iyan, bawat isa sa ami'y magbibigay sa iyo ng sanlibo't sandaang pirasong pilak.”

6 Kaya't sinabi ni Delilah kay Samson, “Sabihin mo naman sa akin kung saan nanggagaling ang iyong lakas. Paano ka ba maigagapos at madadaig?”

7 Sumagot si Samson, “Kapag ako'y ginapos ng pitong sariwang yantok, manghihina ako gaya ng karaniwang tao.”

8 Sinabi ito ni Delilah sa mga pinunong Filisteo at siya ay binigyan nila ng pitong sariwang yantok na igagapos kay Samson.

9 Samantala, may ilang Filisteo namang nag-aabang sa kabilang silid. Pagkatapos ay sumigaw si Delilah, “Samson, may dumarating na mga Filisteo!” Ang yantok na iginapos kay Samson ay nilagot nito na para lamang nasusunog na sinulid. Kaya, hindi nila nalaman ang lihim ng kanyang lakas.

10 Dahil dito, sinabi ni Delilah, “Nililoloko mo lang pala ako. Kasinungalingan lang ang sinasabi mo sa akin. Sabihin mo naman sa akin kung paano ka talaga maigagapos.”

11 Kaya, sinabi ni Samson, “Kapag ako'y ginapos ng bagong lubid na hindi pa nagagamit, manghihina ako gaya ng karaniwang tao.”

12 Kumuha si Delilah ng bagong lubid at ginapos si Samson. Pagkatapos ay sumigaw siya, “Samson, may dumarating na mga Filisteo!” Samantala, may mga lalaking nag-aabang sa kabilang silid. Ngunit ang gapos ni Samson ay nilagot niya na para lamang sinulid.

13 Kaya sinabi uli ni Delilah kay Samson, “Hanggang ngayo'y nililoko mo ako at hindi ka nagsasabi ng totoo. Sabihin mo naman sa akin kung paano ka magagapos.” Sinabi ni Samson, “Kapag pinag-isa mo ang pitong tirintas ng

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

aking buhok, saka ipinulupot sa isang tulos, manghihina na ako at magiging katulad ng karaniwang tao."

14Kaya pinatulog ni Delilah si Samson, at pinag-isa ang pitong tirintas nito. Pagkatapos, ipinulupot niya ito sa isang tulos saka sumigaw, "Samson! May dumarating na mga Filisteo!" Ngunit siya'y gumising at dali-daling kinalas sa tulos ang kanyang buhok.

15Kaya't sinabi sa kanya ni Delilah, "Ang sabi mo'y mahal mo ako, hindi pala totoo! Tatlong beses mo na akong niloloko. Bakit ayaw mong sabihin sa akin ang lihim ng iyong lakas?"

16Araw-araw ay iyon ang inuulit-ulit niya kay Samson hanggang sa mainis ito.

17Kaya, sinabi na niya ang totoo, "Alam mo, mula sa pagkabata'y inilaan na ako sa Diyos bilang isang Nazareo. Ni minsa'y hindi pa nasasayaran ng panggupit ang aking buhok. Kaya, kapag naputol ang aking buhok, hihina akong tulad ng karaniwang tao."

18Nabatid ni Delilah na nagsasabi na ng totoo si Samson, kaya ipinatawag niya ang mga haring Filisteo. Ipinasabi niyang nagtapat na si Samson kaya maaari na silang magbalik sa Sorek. Nagbalik nga roon ang mga pinuno, dala ang perang ibabayad kay Delilah.

19Si Samson naman ay pinatulog ni Delilah sa kanyang kandungan. Nang ito'y mahimbing na, tumawag siya ng isang tao at ginupit ang pitong tirintas ng buhok ni Samson. Nang mawala na ang kanyang kakaibang lakas, ginising ni Delilah si Samson

20at kanyang sinabi, "Samson! May dumarating na mga Filisteo!" Nagtangkang bumangon si Samson sapagkat akala niya'y makakawala siyang tulad ng dati. Hindi pa niya namamalayang iniwan na siya ni Yahweh.

21Binihag siya ng mga Filisteo at dinukit ang kanyang mga mata. Siya'y dinala nila sa Gaza, tinalian ng tanikalang tanso at pinagtrabaho sa isang gilingan sa loob ng bilangguan.

22Samantala, unti-unting humabang muli ang kanyang buhok.

### Ang Kamatayan ni Samson

23Minsan, nagkatipon ang mga haring Filisteo upang magdiwang at maghandog sa diyus-diyosan nilang si Dagon. Sa kanilang pagdiriwang ay umaawit sila ng, "Pinagtagumpay tayo ng ating diyos laban kay Samson na ating kaaway."

24Nang siya'y makita ng mga taong-bayan, ang mga ito'y umawit din ng, "Tayo'y pinagtagumpay ng ating diyos laban sa sumira sa ating lupain at pumatay sa marami nating kasamahan."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25At sa laki ng kanilang katuwaan, naisipan nilang pagkatuwaan si Samson. Inilabas nila ito sa bilangguan at pinatayo sa pagitan ng dalawang malalaking haligi.

26Sinabi ni Samson sa batang lalaki na umaakay sa kanya, “Ihawak mo ang aking mga kamay sa mga haligi ng gusaling ito. Gusto kong sumandal doon.”

27Ang gusali'y napakasikip dahil sa dami ng tao, babae't lalaki, lahat-lahat ay may 3,000. Naroon din ang mga haring Filisteo. Masaya nilang pinagkakatuwaan si Samson.

28At nanalangin si Samson, “Panginoong Yahweh, mahabag kayo sa akin. Isinasamo kong minsan pa ninyo akong palakasin upang sa pagkakataong ito'y makaganti ako sa mga Filisteo sa pagkadukot nila sa aking mga mata.”

29Itinukod niya ang kanyang mga kamay sa dalawang haligi sa gitna ng gusali,

30at malakas na sinabi, “Mamamatay ako ngunit sama-sama tayong mamamatay!” Ibinuhos niya ang kanyang lakas at itinulak ang mga haligi. Gumuho ito at nabagsakan ang mga pinuno at lahat ng Filisteong naroon. Kaya, ang napatay ni Samson sa oras ng kanyang kamatayan ay mas marami pa kaysa noong siya'y nabubuhay.

31Kinuha ng kanyang mga kapatid at mga kamag-anak ang bangkay ni Samson at inilibing sa puntod ng ama niyang si Manoa, sa pagitan ng Zora at Estaol. Dalawampung taon siyang naging hukom at pinuno ng Israel.

## Mga Hukom 17

### Ang Diyus-diyosan ni Micas

1Sa kaburulan ng Efraim ay may nakatirang isang tao na Micas ang pangalan.

2Minsan, sinabi niya sa kanyang ina, “Nang mawala ang 1,100 ninyong pilak, narinig kong sinumpa ninyo ang nagnakaw. Ako po ang kumuha. Heto po, isinasauli ko na sa inyo.” Pagkatanggap sa mga pilak, sinabi ng ina, “Pagpalain ka ni Yahweh, anak ko.

3Ang mga pilak na ito'y inihahandog ko kay Yahweh upang gawing imahen para hindi mangyari sa aking anak ang sumpa.” “Kaya nga po ibinabalik ko sa inyo,” sagot ni Micas.

4Nang ibalik ni Micas ang pilak ng kanyang ina, kinuha nito ang dalawandaang piraso at ibinigay sa isang platero upang gawing imahen. Pagkayari, inilagay niya ito sa bahay ni Micas.

5Ang lalaking si Micas ay may sariling altar. Mayroon din siyang iba't ibang diyus-diyosan, at ginawa niyang pari ang isa sa kanyang mga anak na lalaki.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Nang panahong iyon ay wala pang hari ang Israel; ginagawa ng bawat isa ang lahat ng kanilang magustuhan.

7Samantala sa Bethlehem, Juda ay may isang kabataang Levita.

8Isang araw, umalis ito at naghanap ng tirahan sa ibang lugar. Sa kanyang paglalakbay, napadaan siya sa bahay ni Micas sa kaburulan ng Efraim.

9Tinanong siya ni Micas, "Tagasaan ka?" "Ako po'y taga-Bethlehem, Juda at isang Levita. Naghahanap po ako ng matitirhan," sagot niya.

10Sinabi ni Micas, "Kung gayon, dito ka na. Gagawin kitang tagapayo at pari. Bibigyan kita ng sampung pirasong pilak taun-taon, bukod sa damit at pagkain."

11Pumayag ang Levita sa alok ni Micas at siya'y itinuring nitong parang tunay na anak.

12Hinirang siya ni Micas bilang pari, at doon pinatira.

13Sinabi ni Micas, "Ngayon, sigurado kong ako'y pagpapalain ni Yahweh sapagkat mayroon na akong isang paring Levita."

## Mga Hukom 18

### Si Micas at ang Angkan ni Dan

1Nang panahong iyon ay wala pang hari ang Israel. Ang lipi ni Dan ay naghahanap noon ng lugar na matitirhan. Wala silang tirahan noon sapagkat wala pa silang natatanggap na lupaing mana.

2Kaya't pumili sila ng limang pangunahing kalalakihan sa kanilang lipi, mula sa Zora at Estaol at pinahanap ng matitirhan nilang lahat. Ang limang inutusan ay nagpunta sa lugar ni Micas at sa bahay nito tumuloy.

3Samantalang naroon sila, nakilala nilang Levita ang kasama ni Micas dahil sa punto ng salita nito. Kaya, tinanong nila ito, "Anong ginagawa mo rito? Sino ang nagdala sa iyo rito?"

4"May usapan kami ni Micas at binabayaran niya ako bilang pari," sagot niya.

5Sinabi nila sa kanya, "Kung gayon, isangguni mo sa Diyos kung magtatagumpay kami sa lakad naming ito."

6Sinabi ng Levita, "Huwag kayong mag-alala. Pinapatnubayan kayo ni Yahweh sa lakad ninyo."

7Ang lima ay nagpatuloy sa kanilang lakad at nakarating sa Lais. Nakita nilang tahimik doon. Panatag ang loob ng mga tagaroon, payapa at sapat sa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

lahat ng pangangailangan. Ang lugar na iyon ay malayo sa mga taga-Sidon at walang pakikiugnay sa ibang tao.

8Nang magbalik sila sa Zora at Estaol, tinanong sila ng kanilang mga kababayan kung ano ang nakita nila.

9Ang sabi nila, "Mainam na lugar iyon. Kaya, hindi tayo dapat mag-aksaya ng panahon. Lumusob na tayo at nang masakop natin agad.

10Malawak ang lupaing iyon at sagana sa lahat ng bagay. Ibinigay na ito ng Diyos sa atin, at hindi nila iisiping sasalakayin natin sila."

11Kaya, mula sa Zora at Estaol ay lumakad ang may animnaraang mandirigma ng lipi ni Dan.

12Nagkampo sila sa may Lunsod ng Jearim sa Juda, at hanggang ngayon, ang lugar na iyo'y tinatawag na Kampo ni Dan.

13Mula roon, dumaan sila sa kaburulan ng Efraim at nagtuloy sa bahay ni Micas.

14Sinabi sa kanila ng limang nagsiyasat sa Lais, "Sa bahay na ito ay may isang imaheng balot ng pilak, bukod pa sa ibang diyus-diyosan at efod. Ano sa palagay ninyo ang mainam nating gawin para makuha ang mga iyon?"

15Kaya't pumunta sila sa bahay ni Micas at kinumusta ang kabataang Levita na nakatira roon.

16Samantalang naghihintay sa tarangkahan ang kasama nilang animnaraang kawal,

17ang limang espiya ay tuluy-tuloy na pumasok sa bahay ni Micas at kinuha ang mga diyus-diyosan doon, pati ang nababalot ng pilak. Ang pari naman ay nasa tarangkahan, kasama ng animnaraang kawal.

18Nang makita ng pari na sinamsam ng limang lalaki ang mga imahen, itinanong niya, "Anong ginagawa ninyo?"

19Sinabi nila, "Huwag kang maingay. Tumahimik ka lang diyan! Sumama ka sa amin at gagawin ka naming pari at tagapayo. Alin ba ang mas gusto mo, ang maging pari ng isa sa lipi ng Israel o ng isang pamilya lamang?"

20Nagustuhan ng pari ang alok sa kanya, kaya kinuha niya ang mga imahen at masayang sumama sa kanila.

21At nagpatuloy sila ng paglalakbay. Nasa unahan nila ang mga bata, mga alagang hayop at mga kagamitan.

22Hindi pa sila gaanong nakakalayo sa bahay ni Micas ay tinipon nito ang kanyang mga kapitbahay at hinabol nila ang mga Daneo,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23na kanilang sinisigawan. Nang mag-abot sila, tinanong ng mga Daneo si Micas, "Ano ba ang nangyayari at napakarami ninyo?"

24Sumagot si Micas, "Itinatanong pa ninyo gayong tinangay ninyo ang aking pari at kinuhang lahat ang aking mga diyus-diyosan! Wala na kayong itinira sa akin."

25Sinabi nila, "Mabuti pa'y manahimik ka na lang! Baka marinig ka ng mga kasama namin, magalit sila at patayin ka pati ang iyong pamilya."

26At nagpatuloy ang lipi ni Dan sa paglakad. Nakita ni Micas na hindi niya kaya ang mga Daneo kaya umuwi na lamang siya.

27Nagtuloy ang mga Daneo sa Lais, dala ang diyus-diyosan ni Micas pati ang pari. Sinalakay nila ang Lais, isang bayang tahimik at payapa. Pinatay nila ang mga tagaroon, at sinunog ang buong lunsod.

28Walang nagtanggol sa mga tagaroon sapagkat malayo ito sa Sidon at walang pakikiugnay sa ibang tao. Ang lugar na ito ay nasa kapatagan ng Beth-rehob. Matapos sunugin, muli itong itinayo ng mga Daneo at kanilang tinirhan.

29Ang dating pangalang Lais ay pinalitan nila ng Dan, batay sa pangalan ng kanilang ninuno na isa sa mga anak ni Jacob.

30Ipinagtayo nila ng altar ang diyus-diyosan ni Micas at kanilang sinamba. Si Jonatan na anak ni Gersom, apo ni Moises, ang ginawa nilang pari. Mula noon, ang lahi nito ang nagsilbing pari nila hanggang sa sila'y dalhing-bihag ng kanilang mga kaaway.

31Ang diyus-diyosan naman ni Micas ay nanatili roon habang nasa Shilo pa ang tabernakulo ng Diyos.

## Mga Hukom 19

### Ang Levita at ang Kanyang Asawang-lingkod

1Nang panahong wala pang hari ang Israel, may isang Levita sa malayong bulubundukin ng Efraim. Kumuha siya ng isang babaing taga-Bethlehem, Juda at ginawa niyang asawang-lingkod.

2Subalit nagalit sa kanya ang babae at umuwi sa mga magulang nito sa Bethlehem. Nanatili ito roon nang apat na buwan.

3Naisipan naman ng Levita na puntahan ang asawa at himuking makisamang muli sa kanya. Nagpagayak siya ng dalawang asno at lumakad na kasama ang isang katulong. Pagdating doon, pinatuloy sila ng babae at malugod na tinanggap ng biyenang lalaki.

4Pinilit pa siyang tumigil doon, kaya nanatili siya roon nang tatlong araw.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Nang ikaapat na araw, maaga silang gumising at naghanda sa pag-uwi. Ngunit sinabi ng ama ng babae, “Kumain muna kayo bago lumakad para hindi kayo gutumin sa daan.”

6Nagpapigil naman sila at magkakasalo pang kumain. Pagkatapos, sinabi ng ama, “Magpabukas na kayo at lubus-lubusin na natin ang pagsasayang ito.”

7Ayaw sana niyang papigil ngunit mapilit ang pakiusap ng biyenan kaya pumayag na rin siya.

8Kinaumagahan, muli silang naghanda sa pag-uwi ngunit sinabi na naman ng ama ng babae, “Kumain muna kayo at mamaya na lumakad.” Kaya't nagsalo muli sila sa pagkain.

9Nang sila'y lalakad na, sinabi ng ama, “Lulubog na ang araw at maya-maya lang ay madilim na. Mabuti pa'y dito na muli kayo matulog at bukas na ng umagang-umaga kayo umuwi.”

10-11Ngunit hindi na pumayag ang Levita. Sa halip, tumuloy na sila. Dumidilim na nang sila'y dumating sa tapat ng Jebus, na ngayo'y Jerusalem, kaya't sinabi ng alipin, “Mabuti pa po'y tumuloy na tayo ng lunsod at doon na tayo magpalipas ng gabi.”

12Sinabi ng Levita, “Hindi tayo maaaring tumuloy sa lugar na hindi sakop ng mga Israelita. Tutuloy tayo ng Gibea.

13Halikayo at sa Gibea o sa Rama na tayo magpalipas ng gabi.”

14Kaya lumampas sila ng Jebus at nagpatuloy sa kanilang paglalakbay. Lumulubog na ang araw nang sila'y makarating sa Gibea, isang bayang sakop ng lipi ni Benjamin.

15Pumasok sila at umupo sa liwasang-bayan upang doon magpalipas ng gabi sapagkat walang nag-alok sa kanila ng matutuluyan.

16Samantalang nakaupo sila roon, may nagdaang isang matandang lalaki galing sa pagtatrabaho sa bukid. Ang matandang ito'y dating taga kaburulan ng Efraim ngunit sa Gibea na nakatira. Karamihan ng nakatira doo'y mula sa lipi ng Benjamin.

17Napansin ng matanda ang Levita sa liwasang-bayan. Nilapitan niya ito at tinanong, “Tagasaan kayo at saan kayo pupunta?”

18Sumagot ang Levita, “Galing po kami sa Bethlehem, Juda at papauwi na sa kaburulan ng Efraim. Wala po namang nag-aalok sa amin ng matutuluyan.

19Mayroon po kaming pagkain, pati ang aming mga asno. Sapat po ang dala namin para sa aking sarili, sa aking asawang-lingkod at aking alipin.”

20Sinabi ng matandang lalaki, “Sa amin na kayo magpalipas ng gabi, huwag dito sa liwasang-bayan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Sumama naman sila sa matanda. Pagdating ng bahay, pinakain ng matanda ang mga asno ng kanyang panauhin. Sila naman ay naghugas ng paa, at kumain.

22Nang sila'y kasalukuyang kumakain, ang bahay ay pinaligiran ng mga tagaroong mahilig sa kalaswaan at kinalampag ang pinto. Sinabi nila sa matandang may-ari ng bahay, "Ilabas mo ang lalaking panauhin mo't makikipagtalik kami sa kanya."

23Sumagot ang matanda, "Huwag, mga kaibigan! Napakasama ng iniisip ninyong iyan. Nakikiusap ako sa inyo na igalang naman ninyo ang taong ito sapagkat siya'y aking panauhin.

24Kung gusto ninyo, ang anak kong birhen pa o ang kanyang asawa na lang ang hilingin ninyo. Ibibigay ko sila sa inyo at gawin ninyo ang gusto ninyong gawin, huwag lang itong panauhin kong lalaki."

25Ayaw makinig ng mga tao, kaya inilabas sa kanila ng Levita ang asawa nito, at ito'y magdamag na hinalay ng mga lalaki.

26Nang mag-uumaga na, ang babae'y nahandusay na lamang sa pintuan ng bahay ng matanda at doon na sinikatan ng araw.

27Nang buksan ng Levita ang pinto upang magpatuloy sa kanyang paglalakbay, nakita niya roon ang kanyang asawang nakadapa at ang mga kamay ay nakahawak pa sa pintuan.

28Sinabi niya, "Bangon na at uuwi na tayo." Ngunit hindi sumasagot ang babae, kaya isinakay niya ito sa kanyang asno at nagpatuloy ng paglalakbay.

29Pagdating sa kanyang bahay, kumuha siya ng kutsilyo at pinagputul-putol niya sa labindalawang piraso ang bangkay ng asawa at ipinadala sa buong Israel.

30Lahat ng makakita rito'y nagsabi, "Wala pang nangyaring ganito buhat nang umalis sa Egipto ang mga Israelita. Ano ang dapat nating gawin?"

## Mga Hukom 20

### Naghanda ang Israel Upang Digmain ang Benjamin

1Ang mga Israelita, mula sa Dan sa gawing hilaga hanggang sa Beer-seba sa timog, at mula sa Gilead sa silangan, ay nagtipun-tipon sa Mizpa, sa harapan ni Yahweh,

2kasama ang mga pinuno ng bawat lipi. Lahat-lahat ay umabot ng apatnaraang libong kawal.

3Ang pangyayaring ito'y nakarating sa kaalaman ng mga Benjaminita. Ang tanong ng mga Israelita, "Paano ba naganap ang kasamaang ito?"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Ang pangyayari ay isinalaysay ng Levita na asawa ng babaing pinaslang, “Kami ng aking asawang-lingkod ay nagdaan sa Gibea na sakop ng mga Benjaminita upang doon magpalipas ng gabi.

5Kinagabihan, ang bahay na tinutuluyan namin ay pinaligiran at pinasok ng mga taga-Gibea at gusto akong patayin. Ngunit sa halip, ginahasa nila ang aking asawa hanggang sa siya'y mamatay.

6Iniuwi ko ang kanyang bangkay, pinagputul-putol at ipinadala sa bawat lipi ng Israel. Napakasama at karumal-dumal ang ginawa nilang ito sa atin.

7Kayong lahat ng naririto ay mga Israelita. Ano ngayon ang dapat nating gawin?”

8Sabay-sabay silang tumayo at kanilang sinabi, “Isa man sa amin ay hindi muna uuwi sa sariling bahay o tolda.

9Ito ang gagawin natin: magpapalabunutan tayo kung sino ang unang sasalakay sa Gibea.

10Ang ikasampung bahagi ng bilang ng ating kalalakihan ang mamamahala sa pagkain ng hukbo. Ang natitira naman ang magpaparusa sa Gibea dahil sa kawalanghiyaang ginawa nila sa Israel.”

11Kaya, ang mga kalalakihan ng Israel ay nagkaisang salakayin ang Gibea.

12Ang mga Israelita'y nagpadala ng mga sugo sa lahat ng lugar na sakop ng Benjamin at kanilang ipinasabi, “Napakasama nitong ginawa ninyo sa amin.

13Ibigay ninyo sa amin ang mga taga-Gibeang gumawa nito at papatayin namin para mawala ang salot sa buong Israel.” Ngunit hindi pinansin ng mga Benjaminita ang mga Israelita.

14Sa halip, nagtipun-tipon sila sa Gibea upang lumaban sa ibang lipi ng Israel.

15Nang araw ring iyon, nakatipon sila ng 26,000 kawal bukod pa ang 700 piling kawal ng Gibea.

16Sa kabuuan ay kabilang ang 700 piling kawal na pawang kaliwete at kayang-kayang patamaan ng tirador ang hibla ng buhok.

17Ang mga Israelita naman ay nakatipon ng 400,000 kawal na pawang bihasa sa digmaan.

**Ang Digmaan ng mga Israelita at mga Benjaminita**

18Ang mga Israelita ay nagpunta sa tabernakulo sa Bethel at doo'y itinanong nila sa Diyos, “Aling lipi ang unang sasalakay sa mga Benjaminita?” Sumagot si Yahweh, “Ang lipi ng Juda.”

19Kinabukasan ng umaga, ang mga Israelita ay nagkampo sa tapat ng Lunsod ng Gibea.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

20Pinaharap nila sa lunsod ang kanilang hukbo upang ito'y salakayin.

21Ngunit hinarang sila ng mga Benjaminita at bago gumabi ay nalagasan sila ng 22,000 kawal.

22Gayunman hindi nasiraan ng loob ang mga Israelita. Kinabukasan, muli silang humanay sa dating lugar.

23Ngunit bago magsimula ang labanan, dumulog muna sila kay Yahweh sa tabernakulo sa Bethel at maghapong lumuha. Itinanong nila kay Yahweh, “Muli po ba naming lulusubin ang mga kapatid naming Benjaminita?” “Oo, lusubin ninyo silang muli,” sagot ni Yahweh.

24Kaya, muli nilang nilusob ang mga Benjaminita.

25Ngunit muli silang sinalubong ng mga ito sa labas ng Gibea at sa pagkakataong ito, ang mga Israelita'y nalagasan naman ng 18,000.

26Kaya, nagpunta sila sa Bethel at doo'y nanangis. Nanatili silang nakaupo sa presensya ni Yahweh at maghapong hindi kumain. Naghain sila ng mga handog na susunugin at handog pangkapayapaan.

27Muli silang sumangguni kay Yahweh. Noon, ang Kaban ng Tipan ng Diyos ay nasa Bethel

28sa pag-iingat ni Finehas na anak ni Eleazar at apo ni Aaron. Ang tanong nila, “Lulusubin po ba namin muli ang mga kapatid naming Benjaminita o titigil na kami?” Sumagot si Yahweh, “Lumusob kayo muli at bukas ng umaga'y pagtatagumpayin ko kayo laban sa kanila.”

29Ang mga Israelita'y naglagay ng mga kawal na nakakubli sa palibot ng Gibea.

30Nang ikatlong araw, muli nilang sinalakay ang mga Benjaminita.

31At tulad ng dati, sila'y sinalubong ng mga ito hanggang sa mapalayo sa bayan. May ilang Israelitang napatay sa sangandaan papuntang Bethel at Gibea at sa labas ng lunsod, humigit-kumulang sa tatlumpu.

32Dahil dito, inisip ng mga Benjaminitang nadaig na naman nila ang mga Israelita. Hindi nila naisip na nagpahabol lamang ang mga ito upang ilayo sila sa lunsod.

33Ang mga Israelitang nagpahabol ay nagtipun-tipon sa Baal-tamar. Samantala, lumabas naman sa kanilang pinagtataguan sa palibot ng Gibea

34ang may 10,000 na pawang piling mandirigma ng Israel. Sinalakay nila ang lunsod. Naging mahigpitan ang labanan. Hindi alam ng mga Benjaminita na malapit na silang malipol.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

35Ang mga Israelita'y pinagtagumpay ni Yahweh at nang araw na iyon, nakapatay sila ng 25,100 Benjaminita.

36Noon lamang nila nakita na natalo sila ng mga Israelita.

**Ang Pagtatagumpay ng mga Israelita**

Umatras ang malaking bahagi ng hukbo ng Israel sapagkat nagtiwala na sila sa mga lalaking pinatambang nila sa palibot ng Gibea.

37Nang malayo na ang mga Benjaminita, sinalakay nga nila ang lunsod at pinatay ang lahat ng mga tagaroon.

38May usapan ang mga Israelitang umatras at ang mga nakatambang sa palibot ng Gibea na kapag may nakita silang makapal na usok sa Gibea,

39haharapin na nila ang mga Benjaminita. Noon, ang mga Benjaminita ay nakapatay na ng tatlumpung Israelita kaya iniisip nilang malulupig na naman nila ang mga Israelita.

40At lumitaw nga ang makapal na usok mula sa Gibea. Nang lumingon ang mga Benjaminita, nagtaka sila nang makitang nasusunog ang buong lunsod ng Gibea.

41Sinamantala naman ito ng mga Israelita. Hinarap na nila ang mga kaaway. Nalito ang mga Benjaminita

42at nagtangkang tumakas patungong kaparangan. Ngunit pinalibutan sila ng mga Israelita,

43at hindi nilubayan ng pagtugis hanggang sa silangan ng Gibea.

44Ang napatay sa mga pinakamagagaling na kawal Benjaminita ay umabot sa 18,000.

45Ang iba'y nakatakas papuntang ilang, sa Batong Malaki ng Rimon. Ang napatay sa daan ay 5,000. Patuloy silang hinabol ng mga Israelita at nakapatay pa ng 2,000.

46Lahat-lahat ng napatay na Benjaminita nang araw na iyon ay 25,000, na pawang mga matatapang na mandirigma.

47Ang nakatakas sa Batong Malaki ng Rimon ay 600, at ang mga ito'y nanatili roon nang apat na buwan.

48Binalikan ng mga Israelita ang iba pang Benjaminita at pinatay lahat, pati mga hayop. Pagkatapos, sinunog nila ang lahat ng bayang sakop ng Benjamin.

## Mga Hukom 21

**Ikinuha ng mga Asawa ang mga Benjaminita**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Ang kalalakihan ng Israel ay nagtipun-tipon sa Mizpa at nangako kay Yahweh. Ang sabi nila, “Hindi namin pahihintulutan ang aming mga anak na babae na mapangasawa ng mga Benjaminita.”

2Pagkaraan niyon, pumunta sila sa Bethel, at malungkot na humarap kay Yahweh. Hanggang gabi silang nakaupo roon, at buong kapaitang nanangis.

3Sinabi nila, “Yahweh, Diyos ng Israel, bakit kailangan pang mawala ang isa sa mga lipi ng Israel?”

4Kinaumagahan, ang mga Israelita'y nagtayo roon ng isang altar at naghain ng mga handog para sa kapayapaan at nagsunog ng buong handog.

5Nagtanungan sila kung aling lipi ng Israel ang hindi nakiisa sa pagtitipon sa Mizpa, sapagkat mahigpit nilang ipinangako na papatayin ang sinumang hindi humarap doon kay Yahweh.

6Labis nilang ikinalungkot ang nangyari sa mga kapatid nilang Benjaminita. Ang sabi nila, “Ang Israel ay nabawasan ng isang lipi.

7Saan natin ikukuha ng mapapangasawa ang mga natitira pang Benjaminita sapagkat tayo'y sumumpang hindi natin papayagang mapangasawa nila ang ating mga anak?”

8Sinabi nila, “Ang lipi ng Israel ay may isang angkang hindi humarap kay Yahweh sa Mizpa.” Nalaman nilang hindi pumunta roon ang mga taga-Jabes-gilead

9sapagkat isa mang taga-Jabes-gilead ay walang sumagot nang isa-isang tawagin ang mga tao.

10Kaya ang kapulungang iyon ay pumili ng 12,000 matatapang na kawal, pinapunta sa Jabes-gilead, at inutusang patayin ang lahat ng tagaroon,

11bata't matanda, lalaki't babae, liban sa mga dalaga.

12Nakakita sila ng apatnaraang dalagang hindi pa nasisipingan at ang mga ito'y iniuwi nila sa Shilo, sakop ng Canaan.

13Pagkatapos, ang mga Israelita ay nagpadala ng sugo sa mga Benjaminitang nagtatago sa Bundok ng Rimon. Ipinasabi nila, “Maaari na kayong umuwi sapagkat tapos na ang ating digmaan.”

14Nag-uwian naman ang mga ito at ibinigay sa kanila ng mga Israelita ang mga dalagang taga-Jabes-gilead, ngunit ang mga ito'y kulang sa kanila.

15Ikinalungkot nga ng mga Israelita ang nangyari sa mga Benjaminita sapagkat nagkalamat ang pagkakaisa ng mga lipi ng Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Kaya nag-usap-usap ang mga pinuno ng kapulungan. Ang sabi nila, “Walang natirang babaing Benjaminita. Ano ang gagawin natin para magkaasawa ang wala pang asawa?

17Hindi natin dapat pabayaang malipol ang alinman sa lipi ng Israel. Kailangang gumawa tayo ng paraan para hindi mawala ang lipi ni Benjamin.

18Hindi naman natin maibibigay sa kanila ang ating mga anak sapagkat isinumpa nating hindi papayagan na mapangasawa nila ang ating mga anak.”

19Noon nila naalalang malapit na ang taunan nilang pista para kay Yahweh na ginaganap nila sa Shilo, sa hilaga ng Bethel, gawing timog ng Lebona, sa gawing silangan ng daan sa pagitan ng Bethel at Shekem.

20Sinabi nila sa mga Benjaminita, “Magtago kayo sa ubasan

21at hintayin ninyo ang mga dalagang taga-Shilo. Pagdaan nila roon upang magsayaw sa pista, mang-agaw na kayo ng inyong mapapangasawa at iuwi ninyo.

22Kapag nagreklamo sa amin ang kanilang mga ama o mga kapatid, sasabihin na lang namin sa kanila na bayaan na kayo sapagkat kulang sa inyo ang mga dalagang nakuha namin sa Jabes. Iyon naman ay hindi masasabing pagsira nila sa pangako sapagkat kinuha ninyo nang wala silang pahintulot.”

23Ganoon nga ang ginawa ng mga Benjaminita; bawat isa sa kanila'y pumili ng isa sa mga nagsasayaw, at tinangay. Umuwi sila sa kanilang lupain, itinayo ang kanilang mga lunsod at muling nanirahan doon.

24Samantala, ang ibang mga Israelita ay umuwi na sa kanya-kanyang lipi, pamilya at ari-arian.

25Nang panahong iyon ay wala pang hari sa Israel; ginagawa ng bawat isa ang lahat ng kanilang magustuhan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Ruth

## Ruth 1

### Si Elimelec at ang Kanyang Sambahayan sa Moab

1-2 Nang ang Israel ay pinamumunuan pa ng mga hukom, nagkaroon ng taggutom sa buong bayan. Kaya't ang mag-asawang Elimelec at Naomi na mga taga-Bethlehem, Juda ay pansamantala munang nanirahan sa Moab kasama ang kanilang mga anak na sina Mahlon at Quelion. Ang pamilyang ito ay mula sa angkan ng Efrata.

3 Namatay sa Moab si Elimelec at naiwang biyuda si Naomi. Ang dalawa nilang anak

4 ay nakapag-asawa naman ng mga Moabita, sina Orpa at Ruth. Ngunit pagkalipas ng mga sampung taon,

5 namatay rin sina Mahlon at Quelion, kaya't si Naomi ay naulila sa asawa't mga anak.

### Bumalik sa Bethlehem si Naomi Kasama si Ruth

6 Nabalitaan ni Naomi na ang kanyang bayan ay pinagkalooban ng Diyos ng masaganang ani kaya't humanda sila ng kanyang mga manugang na umalis sa Moab.

7 Naglakbay nga silang pabalik sa Juda.

8 Ngunit sa daa'y sinabi ni Naomi sa kanyang dalawang manugang, “Umuwi na kayo sa dati ninyong tahanan, at manirahan sa inyong mga nanay. Kung paanong naging mabuti kayo sa mga yumao at sa akin, nawa'y maging mabuti rin sa inyo si Yahweh.

9-10 Itulot nawa ni Yahweh na kayo'y makapag-asawang muli at magkaroon ng panibagong pamilya.” At sila'y hinagkan ni Naomi bilang pamamaalam. Ngunit napaiyak ang mga manugang at sinabi sa kanya, “Hindi namin kayo iiwan. Sasama kami sa inyong bayan.”

11 Sumagot si Naomi, “Mga anak, huwag na kayong sumama sa akin. Bumalik na kayo sa inyong mga magulang. Hindi na ako magkakaanak pa upang inyong mapangasawa.

12 Umuwi na kayo. Matanda na ako para mag-asawang muli. Kahit na umaasa akong makakapag-asawang muli, o kahit pa ngayong gabi ako mag-asawa't magkaanak,

13 mahihintay ba ninyo silang lumaki? Alam ninyong ito'y hindi mangyayari. Kaya, mag-asawa na kayo ng iba. Pinabayaan ako ni Yahweh, at hindi ko nais na madamay kayo sa aking kasawian.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Pagkasabi nito'y lalo silang nag-iyakan. At hinagkan ni Orpa ang kanyang biyenan, at nagpaalam na. Ngunit nagpaiwan si Ruth.

15Sinabi ni Naomi kay Ruth, "Ang bilas mo'y nagbalik na sa kanyang bayan at sa kanyang mga diyos. Umuwi ka na rin."

16Sumagot si Ruth, "Huwag po ninyong hilinging iwanan ko kayo. Hayaan na ninyo akong sumama sa inyo. Saanman kayo pumunta, doon ako pupunta. Kung saan kayo tumira, doon din ako titira. Ang inyong bayan ang magiging aking bayan. Ang inyong Diyos ang magiging aking Diyos.

17Kung saan kayo mamatay, doon ako mamamatay, at doon din ako malilibing. Parusahan sana ako ni Yahweh ng pinakamabigat na parusa kung papayagan kong magkalayo tayo maliban na lamang kung paghiwalayin tayo ng kamatayan!"

18Nang matiyak ni Naomi na hindi talaga magbabago ang isip ni Ruth na sumama sa kanya, hindi na siya tumutol.

19Kaya't nagpatuloy sila ng paglalakbay. Pagdating nila sa Bethlehem, nagulat ang lahat. "Hindi ba't si Naomi ito?" tanong ng kababaihan.

20Sumagot naman si Naomi, "Huwag na ninyo akong tawaging Naomi. Tawagin ninyo akong Mara, sapagkat ako'y pinabayaang magdusa ng Makapangyarihang Diyos.

21Masagana ang buhay namin ni Elimelec nang umalis dito. Ngunit ibinalik ako ni Yahweh na walang anumang dala. Huwag na ninyo akong tawaging Naomi sapagkat ako'y binigyan ng Makapangyarihang Diyos ng matinding kasawian sa buhay!"

22Iyan ang nangyari kaya't mula sa Moab ay nagbalik si Naomi kasama si Ruth, ang manugang niyang Moabita. Nang dumating sila sa Bethlehem ay simula na ng anihan ng sebada.

## Ruth 2

### Si Ruth sa Bukid ni Boaz

1-3Isang araw, sinabi ni Ruth kay Naomi, "Pupunta po ako sa bukid at mamumulot ng mga uhay na naiiwan ng mga gumagapas. Doon ako sa may likuran ng sinumang papayag." Sumagot si Naomi, "Ikaw ang bahala, anak." Kaya't si Ruth ay nagpunta sa bukid at namulot ng mga uhay, kasunod ng mga gumagapas. Nagkataong ang napuntahan niya ay ang bukid ni Boaz, isang kamag-anak ni Elimelec na napakayaman at iginagalang sa kanilang bayan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Di nagtagal, dumating naman si Boaz mula sa Bethlehem. “Sumainyo si Yahweh,” ang bati niya sa mga gumagapas. “Pagpalain naman kayo ni Yahweh!” sagot nila.

5Nang makita si Ruth, itinanong ni Boaz sa katiwala, “Sino ang babaing iyon?”

6“Siya po ang Moabitang kasama ni Naomi nang umuwi rito mula sa Moab,” sagot ng katiwala.

7“Nakiusap po siyang makapamulot ng nalaglag na mga uhay. Pinayagan ko naman. Kaya't maagang-maaga pa'y naririto na siya. Katitigil lamang niya para magpahinga sandali.”

8Nilapitan ni Boaz si Ruth at kinausap, “Anak, huwag ka nang pupunta sa ibang bukid. Dito ka na lamang mamulot kasama ng aking mga manggagawang babae.

9Tingnan mo kung saan sila gumagapas, at sumunod ka. Sinabi ko na sa mga tauhan ko na huwag kang gambalain. At kung ikaw ay nauuhaw, malaya kang uminom ng tubig mula sa aking banga.”

10Nagpatirapa si Ruth, bilang pagbibigay-galang, at nagtanong, “Ako po ay isang dayuhan, bakit po napakabuti ninyo sa akin?”

11Sumagot si Boaz, “Nabalitaan ko ang lahat ng ginawa mo sa iyong biyenan mula nang mamatay ang iyong asawa. Alam ko ring iniwan mo ang iyong mga magulang at sariling bayan upang manirahan sa isang lugar na wala kang kakilala.

12Pagpalain ka nawa ni Yahweh dahil sa iyong ginawa. Gantimpalaan ka nawa ni Yahweh, ang Diyos ng Israel sapagkat sa kanya ka lumapit at nagpakupkop!”

13Sumagot si Ruth, “Salamat po. Pinalakas ninyo ang aking loob sa inyong sinabi. Kahit ako'y isang hamak na lingkod at sa katunaya'y hindi kabilang sa inyong mga manggagawa, naging mabuti kayo sa akin.”

14Nang dumating ang oras ng pagkain, tinawag ni Boaz si Ruth, “Halika rito. Kumuha ka ng tinapay at isawsaw mo sa sarsa.” Kaya't umupo na siyang kasama ng mga manggagawa, at binigyan siya ni Boaz ng inihaw na sebada. Kumain naman si Ruth hanggang sa mabusog. May natira pa sa pagkaing ibinigay sa kanya.

15Nang ipagpatuloy niya ang pamumulot, pinagbilinan ni Boaz ang mga manggagawa, “Hayaan ninyo siyang mamulot kahit sa tabi ng mga binigkis na uhay. Huwag ninyo siyang babawalan.

16Maglaglag kayo ng mga uhay mula sa binigkis para may mapulot siya.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Si Ruth ay namulot hanggang gabi, at pagkatapos ay giniik niya ang kanyang napulot. Halos limang salop na sebada ang nakuha niya.

18Umuwi si Ruth at ipinakita sa kanyang biyenan ang naipong sebada, at ibinigay pa niya sa matanda ang lumabis niyang pagkain.

19Nagtanong si Naomi, “Saang bukid ka ba namulot ngayon? Pagpalain nawa ng Diyos ang taong nagmagandang-loob sa iyo!” At ikinuwento ni Ruth ang nangyari sa kanya sa bukid ni Boaz.

20Kaya't sinabi ni Naomi, “Pagpalain nawa siya ni Yahweh na hindi nakakalimot sa kanyang pangako sa mga buháy at sa mga patay.” Idinugtong pa niya, “Malapit nating kamag-anak ang taong iyon, isa sa mga may tungkuling mangalaga sa naiwan ng mga yumao.”

21Nagpatuloy ng pagsasalaysay si Ruth, “Sinabi pa niyang magpatuloy akong mamulot sa kanyang bukid hanggang sa matapos ang anihan niya.”

22Sumagot si Naomi, “Oo nga, anak. Baka mapahamak ka lamang kung sa ibang bukid ka pupunta. Mabuti ngang manatili kang kasama ng kanyang mga manggagawang babae.”

23Ganoon nga ang nangyari. Namulot si Ruth kasama ng mga gumagapas sa bukid ni Boaz, hanggang sa maaning lahat ang trigo at ang sebada. At namuhay siya sa piling ng kanyang biyenan.

## Ruth 3

### Naging Mabuti kay Ruth si Boaz

1Isang araw ay kinausap ni Naomi si Ruth. Sabi niya, “Anak, kailangang ihanap kita ng magiging asawa upang magkaroon ka ng sariling tahanan.

2Natatandaan mong sinabi ko sa iyo noon na kamag-anak natin si Boaz. Mga manggagawa niya ang mga kasama mo sa bukid. Ngayon, makinig kang mabuti. Magpapagiik siya ng sebada mamayang gabi.

3Kaya't maligo ka, magpabango ka at isuot mo ang pinakamaganda mong damit. Pagkatapos, pumunta ka sa giikan. Ngunit huwag mong ipaalam na naroon ka hanggang sa makakain at makainom si Boaz.

4Tingnan mo kung saan siya matutulog. Lumapit ka, iangat mo ang takip ng kanyang paa, at mahiga ka sa may paanan niya. Sasabihin niya sa iyo ang nararapat mong gawin.”

5Sumagot si Ruth, “Gagawin ko pong lahat ang inyong sinabi.”

6Nagpunta na nga si Ruth sa giikan upang isagawa ang lahat ng sinabi ng kanyang biyenan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Masaya si Boaz matapos kumain at uminom. Maya-maya'y nahiga siya at natulog sa tabi ng bunton ng sebada. Marahang lumapit si Ruth, iniangat ang takip ng paa ni Boaz, at nahiga sa paanan nito.

8Nang maghahating-gabi'y nagising si Boaz. Nagulat siya nang makitang may babaing nakahiga sa paanan niya.

9"Sino ka?" tanong niya. "Si Ruth po, ang inyong lingkod," sagot ng babae. "Isa kayong kamag-anak na malapit kaya dapat ninyo akong kalingain at pakasalan."

10Sumagot naman si Boaz, "Pagpalain ka ni Yahweh. Higit na kagandahang-loob sa aming angkan ang ginawa mong ito kaysa ginawa mo sa iyong biyenan. Hindi ka naghanap ng isang lalaking bata pa na maaaring mayaman o mahirap.

11Ipanatag mo ang iyong loob. Nalalaman ng buong bayan na isa kang mabuting babae. Gagawin ko ang lahat ng sinabi mo.

12Totoo ngang ako'y malapit ninyong kamag-anak, at may tungkulin sa iyo, ngunit may isang mas malapit na kamag-anak kaysa akin.

13Dito ka muna hanggang madaling-araw. Bukas ng umaga, aalamin natin kung pakakasalan ka ng lalaking sinasabi ko. Kung hindi, ipinapangako ko kay Yahweh, ang buháy na Diyos, na gagampanan ko ang tungkuling ito. Matulog ka na muna ngayon."

14Kaya't natulog si Ruth sa may paanan ni Boaz hanggang sa mag-umaga. Ngunit bumangon siya bago sumikat ang araw, sapagkat sinabi ni Boaz na walang dapat makaalam na nagpunta siya sa giikan.

15Nang paalis na si Ruth, sinabi ni Boaz, "Iladlad mo ang iyong balabal." At ito'y nilagyan ni Boaz ng mahigit na kalahating kabang sebada. Ipinasan niya ito kay Ruth at tuluyan na itong umuwi.

16Nang makita siya ng kanyang biyenan ay tinanong siya nito, "Kumusta ang lakad mo, anak?" At sinabi ni Ruth ang buong pangyayari.

17"Binigyan pa niya ako ng sebada, sapagkat hindi raw po ako dapat umuwing walang dala," dugtong pa niya.

18Sinabi ni Naomi, "Maghintay ka, anak, hanggang sa malaman mo kung ano ang kalalabasan ng bagay na ito. Hindi titigil si Boaz hangga't hindi niya naaayos ang lahat."

# Ruth 4

### Pinakasalan ni Boaz si Ruth

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Nagtungo si Boaz sa may pintuan ng lunsod at naupo roon. Di nagtagal,
dumaan ang tinutukoy niyang pinakamalapit na kamag-anak ni Elimelec.
"Pinsan, sandali lang. Maupo ka rito at may sasabihin ako sa iyo," sabi niya.
Lumapit naman ang tinawag at naupo sa tabi ni Boaz.

2Tumawag si Boaz ng sampung pinuno ng bayan at inanyayahan ding maupo
roon.

3Pagkatapos, sinabi niya sa kanyang kamag-anak, "Ngayong nagbalik na si
Naomi buhat sa Moab, nais niyang ipagbili ang bukid ng kamag-anak nating
si Elimelec.

4Sa palagay ko'y dapat mo itong malaman sapagkat ikaw ang unang may
karapatang bumili niyon. Kung gusto mo, bilhin mo iyon sa harap ng mga
saksing pinuno ng bayan. Kung ayaw mo naman, ako ang bibili." "Bibilhin ko,"
sagot ng lalaki.

5Agad na sinabi ni Boaz, "Kung bibilhin mo kay Naomi ang bukid, kasama sa
bilihan si Ruth, ang Moabitang biyuda ng ating pinsan, upang ang bukid ay
manatili sa angkan ng namatay."

6Pagkarinig niyon, sumagot ang lalaki, "Kung ganoon, hindi ko na gagamitin
ang aking karapatan, sapagkat manganganib namang mawala ang sarili
kong mana. Ikaw na ang bumili."

7Ganito ang kaugalian sa Israel noong unang panahon: kapag tinubos o binili
ang isang ari-arian, hinuhubad ng nagpatubos o nagbenta ang kanyang
sandalyas at ibinibigay sa bumili, bilang katibayan ng kanilang kasunduan.

8Kaya't nang sabihin ng lalaki kay Boaz na siya na ang bumili, hinubad nito
ang kanyang sandalyas at ibinigay kay Boaz.

9Matapos tanggapin iyon, sinabi ni Boaz sa matatandang pinuno at sa ibang
naroroon, "Kayo ang saksi ko na binili ko kay Naomi ang lahat ng nasa
pangalan ni Elimelec, at nina Quelion at Mahlon.

10Kasama sa bilihang ito ay magiging asawa ko si Ruth, ang Moabitang
biyuda ni Mahlon, upang manatili sa angkan ng namatay ang mga ari-arian.
Sa pamamagitan nito'y mananatiling buháy ang kanyang pangalan sa hanay
ng kanyang kamag-anakan at sa kanyang bayan. Inuulit ko, saksi kayo sa
bagay na ito."

11At sila'y sumagot, "Oo, saksi kami." Sinabi naman ng matatanda,
"Pagpalain nawa ni Yahweh ang babaing iyon, at bigyan ng maraming anak
gaya nina Raquel at Lea, na pinagmulan ng lahing Israel. Ikaw naman, Boaz,
sumagana ka nawa sa Efrata at kilalanin sa buong Bethlehem.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Matulad nawa sa sambahayan ni Fares, na anak nina Juda at Tamar, ang mga anak na ibibigay sa inyo ni Yahweh sa pamamagitan ng kabataang babaing ito.”

13Napangasawa nga ni Boaz si Ruth at iniuwi sa kanyang tahanan. Pinagpala ni Yahweh si Ruth kaya't ito'y nagdalang-tao at nanganak ng isang lalaki.

14Sinabi ng kababaihan kay Naomi, “Purihin si Yahweh! Binigyan ka niya sa araw na ito ng isang apo na kakalinga sa iyo. Maging tanyag nawa sa Israel ang bata!

15Maghatid nawa siya ng kaaliwan sa puso mo at mag-alaga sa iyong pagtanda. Ang mapagmahal mong manugang, na nagsilang sa bata, ay higit kaysa pitong anak na lalaki.”

16Kinuha ni Naomi ang bata, magiliw na kinalong, at inalagaang mabuti.

17Siya'y tinawag nilang Obed. Ipinamalita nilang nagkaapo ng lalaki si Naomi. Si Obed ang siyang ama ni Jesse na ama naman ni David.

**Ang Angkan ni David**

18-22Ito ang pagkakasunud-sunod ng angkan mula kay Fares hanggang kay David: Fares, Hezron, Ram, Aminadab, Naason, Salmon, Boaz, Obed, Jesse, at David.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 1 Samuel

## 1 Samuel 1

### Si Elkana at ang Kanyang Pamilya

1Sa Ramataim-zofim, isang bayan sa kaburulan ng Efraim ay may nakatirang lalaki na nagngangalang Elkana. Siya'y anak ni Jeroham at apo ni Elihu na mula sa sambahayan ni Tohu at mula sa angkan ni Zuf na Efrateo.

2Dalawa ang asawa ni Elkana, sina Ana at Penina. May mga anak si Penina ngunit si Ana ay wala.

3Taun-taon, pumupunta si Elkana sa Shilo upang sumamba at mag-alay ng mga handog kay Yahweh na Makapangyarihan sa lahat. Naglilingkod doon bilang mga pari ni Yahweh ang mga anak ni Eli na sina Hofni at Finehas.

4Tuwing maghahandog si Elkana, binibigyan niya ng tig-iisang bahagi si Penina at ang mga anak nito.

5Ngunit mga natatanging bahagi ang ibinibigay niya kay Ana sapagkat mahal na mahal niya ito bagama't hindi ipinahintulot ni Yahweh na ito'y magkaanak.

6Si Ana ay palaging kinukutya ni Penina dahil hindi niloob ni Yahweh na magkaroon siya ng anak.

7Ito'y ginagawa ni Penina taun-taon, tuwing pupunta sila sa bahay ni Yahweh. Labis naman itong dinaramdam ni Ana kaya't napapaiyak siya at hindi makakain.

8Kaya't nilalapitan siya ni Elkana at tinatanong, “Ana, bakit umiiyak ka na naman at ayaw mong kumain? Bakit ka nalulungkot? Hindi pa ba ako higit kaysa sa sampung anak na lalaki para sa iyo?”

### Nanalangin si Ana

9Minsan, matapos silang kumain sa Shilo, malungkot na pumunta si Ana at nanalangin sa bahay ni Yahweh. Nagkataong nakaupo sa may pintuan ng bahay ni Yahweh ang paring si Eli.

10Buong pait na lumuluha si Ana at taimtim na nanalangin kay Yahweh.

11Ganito ang kanyang panalangin: “Yahweh, Diyos na Makapangyarihan sa lahat, kung papakinggan ninyo ang inyong abang lingkod at inyo pong kahahabagan, kung hindi ninyo ako pababayaan, sa halip ay pagkakalooban ng isang anak na lalaki, ihahandog ko siya sa inyo at habang buhay na siya'y nakalaan sa inyo; hindi ko ipapaputol ang kanyang buhok.”

12Habang nananalangin si Ana, ang bibig niya'y pinagmamasdan ni Eli.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Gumagalaw ang kanyang mga labi ngunit hindi naririnig ang kanyang tinig sapagkat siya'y nananalangin lamang sa sarili. Dahil dito, inakala ni Eli na siya'y lasing.

14Kaya, lumapit ito at sinabi sa kanya, “Tama na 'yang paglalasing mo! Tigilan mo na ang pag-inom ng alak at magpakatino ka na!”

15“Hindi po ako lasing,” sagot ni Ana. “Ni hindi po ako tumitikim ng alak. Ang damdamin ko po'y naghihirap at idinudulog ko kay Yahweh ang aking kalagayan.

16Huwag po sana ninyong isipin na ang inyong lingkod ay masamang babae. Ipinapahayag ko lamang ang matinding paghihirap ng aking damdamin.”

17Dahil dito, sinabi ni Eli, “Ipanatag mo ang iyong sarili at umuwi ka na. Ang Diyos ng Israel ang tutugon sa iyong kahilingan.”

18Sumagot si Ana, “Magkatotoo po sana ang inyong sinabi tungkol sa akin.” Pagkasabi niyon, bumalik sa kanilang tinutuluyan at kumaing wala na ang bigat ng kanyang kalooban.

**Ipinanganak at Inihandog si Samuel**

19Kinabukasan, maagang-maaga silang sumamba kay Yahweh, at pagkatapos ay umuwi na sa Rama. Sinipingan ni Elkana si Ana, at dininig ni Yahweh ang dalangin nito.

20Nagbuntis siya at dumating ang araw na siya'y nagsilang ng isang sanggol na lalaki. Samuel ang ipinangalan niya rito sapagkat ang sabi niya, “Hiningi ko siya kay Yahweh.”

21Pagkalipas ng isang taon, si Elkana at ang kanyang sambahayan ay muling nagpunta sa Shilo upang ialay kay Yahweh ang taunang handog at upang tupdin ang kanyang panata.

22Sinabi ni Ana kay Elkana, “Hindi na muna ako sasama sa inyo ngayon. Hihintayin ko na ang panahong maaari na siyang mahiwalay sa akin. Paglaki niya, dadalhin ko siya sa bahay ni Yahweh at doon na siya titira sa buong buhay niya.”

23Sinabi ni Elkana, “Gawin mo kung ano ang inaakala mong mabuti. Hintayin mo na siyang lumaki at tulungan ka nawa ni Yahweh upang matupad ang pangako mo sa kanya.” Kaya naiwan si Ana at inalagaan ang kanyang anak.

24Nang lumaki na si Samuel, dinala siya ng kanyang ina sa bahay ni Yahweh sa Shilo. Nagdala pa siya ng isang torong tatlong taon, limang salop ng harina at alak na nakalagay sa sisidlang balat.

25Matapos ihandog ang baka, dinala nila kay Eli ang bata.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Sinabi ni Ana, “Kung natatandaan ninyo, ako po ang babaing nakita ninyong nakatayo rito noon at nanalangin kay Yahweh.

27Hiniling ko sa kanya na ako'y pagkalooban ng anak at binigyan nga niya ako.

28Kaya naman po inihahandog ko siya kay Yahweh upang maglingkod sa kanya habang buhay.” Pagkatapos nito, sinamba nila si Yahweh.

## 1 Samuel 2

**Ang Panalangin ni Ana**

1Ganito ang naging panalangin ni Ana: “Pinupuri kita, Yahweh, dahil sa iyong kaloob sa akin. Aking mga kaaway, ngayo'y aking pinagtatawanan, sapagkat iniligtas mo ako sa lubos na kahihiyan.

2“Si Yahweh lamang ang banal. Wala siyang katulad, walang ibang tagapagtanggol liban sa ating Diyos.

3Walang maaaring magyabang sa iyo, Yahweh, walang maaaring maghambog, sapagkat alam mo ang lahat ng bagay, ikaw ang hahatol sa lahat ng ginagawa ng tao.

4Ginapi mo ang mga makapangyarihan, at pinapalakas ninyo ang mahihina.

5Kaya't ang dating mayayaman ay nagpapaupa para may makain. Masagana ngayon ang dating maralita. Nagsilang ng pito ang dating baog, at ang maraming anak ngayo'y nalulungkot.

6Ikaw, O Yahweh, ang may kapangyarihang magbigay o bumawi ng buhay. Maaari mo kaming itapon sa daigdig ng mga patay, at maaari ring buhayin muli.

7Maaari mo kaming payamanin o paghirapin, maaari ring ibaba o itaas.

8Mapapadakila mo kahit ang pinakaaba, mahahango sa kahirapan kahit ang pinakadukha. Maihahanay mo sila sa mga maharlika, mabibigyan ng karangalan kahit na ang mga hampaslupa. Hawak mo ang langit na nilikha, at sa iyo nasasalig ang lahat ng iyong gawa.

9“Papatnubayan mo ang tapat sa iyo, ngunit ang masasama ay isasadlak sa karimlan. Walang sinumang magtatagumpay sa sariling lakas.

10Lahat ng lumalaban sa iyo ay manginginig sa takot; kapag pinapadagundong mo ang mga kulog. Hahatulan mo ang buong daigdig, at pagtatagumpayin ang hinirang mong hari.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Si Elkana at ang buo niyang sambahayan ay umuwi sa Rama. Ngunit iniwan nila si Samuel upang maglingkod kay Yahweh sa pangangasiwa ng paring si Eli.

**Ang Kasalanan ng mga Anak ni Eli**

12Ang dalawang anak ni Eli ay parehong lapastangan at walang takot kay Yahweh.

13Wala rin silang galang sa regulasyon ng pagkapari. Tuwing may maghahandog, pinapapunta nila ang kanilang mga katulong habang pinapakuluan pa lang ang karne. May dala silang malaking tinidor na may tatlong ngipin

14at itinutusok sa loob ng malaking kaldero o palayok. Lahat ng matusok o sumama sa tinidor ay itinuturing na nilang para sa pari. Ginagawa nila ito tuwing maghahandog sa Shilo ang mga Israelita.

15Hindi lamang iyon. Bago pa maihandog ang taba ng karne, nilalapitan na ng mga katulong ang mga naghahandog at sinasabi, “Hilaw na karne ang ibibigay ninyo sa pari. Hindi niya kukunin kapag luto na ang ibibigay ninyo. Hilaw ang gusto niya upang maiihaw niya ito.”

16Kapag sinabi ng naghahandog na hintayin munang maialay ang taba bago sila kumuha hanggang gusto nila, ganito ang kanilang sinasabi: “Hindi maaari! Bigyan na ninyo kami. Kung hindi'y aagawin namin 'yan sa inyo.”

17Malaking pagkakasala ang ginagawa nilang ito sapagkat ito'y paglapastangan sa handog para kay Yahweh.

**Si Samuel sa Shilo**

18Nagpatuloy ng paglilingkod kay Yahweh ang batang si Samuel, na noo'y nakasuot ng efod.

19Taun-taon, gumagawa ng balabal ang kanyang ina at ibinibigay ito sa kanya tuwing ang kanyang mga magulang ay naghahandog sa Shilo.

20Ang mag-asawang Elkana at Ana naman ay laging binabasbasan ni Eli. Sinasabi niya, “Pagpalain nawa kayo ni Yahweh. Nawa'y bigyan pa niya kayo ng mga anak bilang kapalit ng inihandog ninyo sa kanya.” Matapos mabasbasan, umuuwi na sila.

21Nagkatotoo ang sinabi sa kanila ni Eli. Si Ana'y pinagpala ni Yahweh, at paglipas ng ilang taon siya'y nanganak pa ng tatlong lalaki at dalawang babae. Samantala, lumaki naman si Samuel sa paglilingkod kay Yahweh.

**Si Eli at ang Kanyang mga Anak**

22Matanda na noon si Eli. Umabot na sa kanyang kaalaman ang kasamaang ginagawa ng kanyang mga anak sa mga Israelita. Alam na rin niya ang pagsiping nila sa mga babaing naglilingkod sa pintuan ng Toldang Tipanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Kaya, pinangaralan niya ang mga ito, “Mga anak, nababalitaan ko ang kasamaang ginagawa ninyo sa mga tao. Bakit ninyo ginagawa iyon?

24Tigilan na ninyo iyan. Napakapangit ng usap-usapang kumakalat tungkol sa inyo.

25Kung ang isang tao'y magkasala sa kanyang kapwa, maaaring mamagitan sa kanila si Yahweh, ngunit sino ang mamamagitan kung kay Yahweh siya nagkasala?” Ngunit hindi siya pinakinggan ng kanyang mga anak sapagkat nais na silang parusahan ni Yahweh.

26Si Samuel nama'y patuloy na lumaking kalugud-lugod kay Yahweh at sa mga tao.

**Ang Pahayag tungkol sa Pamilya ni Eli**

27Minsan, si Eli ay nilapitan ng isang propeta ng Diyos. Sinabi sa kanya, “Ganito ang ipinapasabi ni Yahweh: ‘Nangusap ako sa ninuno mong si Aaron nang sila'y alipin pa ng Faraon, ang hari ng Egipto.

28Sa mga lipi ni Israel ay siya ang pinili kong maging pari. Siya ang mangangasiwa sa altar, magsusunog ng insenso, magsusuot ng linong efod, at maglilingkod sa akin bilang kinatawan ng Israel. At lahat ng handog sa akin ng mga Israelita'y ibinibigay ko sa kanyang sambahayan.

29Bakit ninyo pinagnanasaang maangkin ang mga alay at handog sa akin? Mas iginagalang mo pa yata ang iyong mga anak kaysa sa akin? Bakit mo sila pinababayaang magpasasa sa pinakapiling bahagi ng mga handog para sa akin?

30Ipinangako ko noon na tanging ang sambahayan mo lamang ang makakalapit sa akin habang panahon. Ngunit hindi na ngayon. Pararangalan ko ang nagpaparangal sa akin, ngunit pababayaan ko ang nagtatakwil sa akin.

31Darating ang araw na papatayin ko ang mga kabataan sa iyong sambahayan at sa iyong angkan. Paiikliin ko ang inyong buhay at maaga kayong mamamatay.

32Maghihirap kayo at di ninyo matitikman ang kasaganaang ibibigay ko sa Israel. Paiikliin ko nga ang inyong buhay.

33Hindi ko kayo aalising lahat sa paglilingkod sa altar, ngunit ang ititira ko'y daranas ng katakut-takot na paghihirap ng kalooban. Mamamatay sa tabak ang iyong buong pamilya.

34Bilang katunayan nito, sabay na mamamatay ang mga anak mong sina Hofni at Finehas.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

35Samantala, pipili ako ng isang paring magiging tapat sa akin at susunod sa aking kalooban. Bibigyan ko siya ng sambahayan na maglilingkod sa akin habang panahon sa harapan ng mga haring aking hihirangin.

36Ngunit ang matitira sa iyong sambahayan ay mamamalimos sa kanya. Magmamakaawa siyang gawing katulong ng pari para lamang mabuhay.'"

## 1 Samuel 3

### Ang Pangitain ni Samuel

1Sa pamamahala ni Eli, si Samuel ay patuloy na naglingkod kay Yahweh. Nang panahong iyon, bihira nang magpahayag si Yahweh at bihira na rin ang mga pangitaing galing sa kanya.

2Malabo na noon ang mata ni Eli. Minsan, natutulog siya sa kanyang silid.

3Si Samuel ay natutulog naman sa santuwaryo, kung saan naroroon din ang Kaban ng Tipan. Bago magmadaling-araw at may sindi pa ang ilawan sa santuwaryo,

4siya'y tinawag ni Yahweh, "Samuel, Samuel!" "Narito po ako," sagot niya.

5Patakbo siyang lumapit kay Eli at sinabi, "Bakit po?" Sinabi ni Eli, "Hindi kita tinatawag. Matulog ka na uli." Nagbalik nga siya sa kanyang higaan.

6Subalit tinawag siyang muli ni Yahweh, "Samuel!" Bumangon siya, lumapit muli kay Eli at nagtanong, "Tinatawag po ba ninyo ako?" Sinabi ni Eli, "Hindi kita tinatawag, anak. Matulog ka na."

7Hindi pa kilala noon ni Samuel si Yahweh sapagkat hindi pa ito nagpahayag sa kanya.

8Sa ikatlong pagtawag ni Yahweh, muling lumapit si Samuel kay Eli at sinabi, "Narinig ko pong tinawag ninyo ako." Sa pagkakataong iyon, naunawaan ni Eli na si Yahweh ang tumatawag sa bata,

9kaya sinabi niya, "Mahiga kang muli at kapag narinig mo pang tinawag ka, ganito ang sabihin mo: 'Magsalita po kayo, Yahweh. Nakikinig po ang inyong lingkod.'" At muli ngang nahiga si Samuel.

10Si Yahweh ay lumapit kay Samuel at muli itong tinawag, "Samuel, Samuel!" Sumagot si Samuel, "Magsalita po kayo, nakikinig ang inyong lingkod."

11Sinabi ni Yahweh, "Hindi magtatagal at may gagawin akong kakila-kilabot na bagay sa Israel. Lahat ng makakabalita nito'y mabibigla.

12Pagdating ng araw na iyon, gagawin ko ang lahat ng sinabi ko laban sa sambahayan ni Eli, mula sa umpisa hanggang sa katapusan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Sabihin mo sa kanya na habang panahon kong paparusahan ang kanyang sambahayan sapagkat hinayaan niyang lapastanganin ako ng kanyang mga anak. Ni hindi man lamang niya pinahinto ang mga ito.

14Dahil dito, isinusumpa kong hindi mapapawi ng anumang handog ang kalapastangananang ginawa ng sambahayan ni Eli."

15Natulog muli si Samuel at kinaumagaha'y binuksan ang pintuan ng bahay ni Yahweh. Ngunit natatakot siyang sabihin kay Eli ang tungkol sa pangitain.

16Subalit tinawag siya ni Eli, "Samuel, anak." "Ano po iyon?" sagot ni Samuel.

17Sinabi ni Eli, "Anong sinabi sa iyo ni Yahweh? Huwag ka nang maglihim sa akin. Mabigat ang parusang ibibigay sa iyo ni Yahweh kapag hindi mo sinabi sa akin ang lahat ng sinabi niya sa iyo."

18Kaya't ipinagtapat ni Samuel ang lahat kay Eli; wala siyang inilihim dito. Pagkatapos, sinabi ni Eli, "Iyon ang kagustuhan ni Yahweh. Mangyari nawa ang ayon sa kanyang kalooban."

19Habang lumalaki si Samuel, patuloy siyang pinapatnubayan ni Yahweh, at nagkakatotoo ang lahat ng sinasabi niya.

20Dahil dito, kinilala ng buong Israel, mula sa Dan hanggang sa Beer-seba, na si Samuel ay isang tunay na propeta ni Yahweh.

21Patuloy na nagpapahayag si Yahweh sa Shilo, sapagkat siya'y nangungusap kay Samuel sa Shilo. Dinirinig ng buong Israel ang salitang ipinapahayag ni Samuel.

## 1 Samuel 4

### Nalupig ang Israel

1Dumating ang araw na nakipagdigmaan ang mga Israelita laban sa mga Filisteo. Sa Ebenezer nagkampo ang mga Israelita at sa Afec naman ang mga Filisteo.

2Sumalakay ang mga Filisteo, at pagkalipas ng isang matinding labanan ay natalo nila ang mga Israelita; sila'y nakapatay ng halos apatnalibong kawal ng Israel.

3Nang makabalik na ang mga nakaligtas sa kanilang kampo, nagtanungan ang matatandang namumuno sa Israel, "Bakit kaya pinabayaan ni Yahweh na matalo tayo ng mga Filisteo ngayon? Ang mabuti pa'y kunin natin sa Shilo ang Kaban ng Tipan upang samahan tayo ni Yahweh. Siguro kung nasa atin iyon ay ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4At kinuha nga nila sa Shilo ang Kaban ng Tipan, na kung saan si Yahweh ay nakaluklok sa trono sa ibabaw ng mga kerubin. Sumama sa kanila ang dalawang anak ni Eli na sina Hofni at Finehas.

5Napasigaw sa tuwa ang mga Israelita nang dalhin sa kanilang kampo ang Kaban ng Tipan ni Yahweh. Halos nayanig ang lupa sa lakas ng kanilang sigawan.

6Nang marinig ito ng mga Filisteo, itinanong nila, “Bakit kaya napakaingay sa kampo ng mga Hebreo?” Nang malaman nilang nasa kampo ng mga Israelita ang Kaban ng Tipan ni Yahweh,

7natakot sila. Sinabi nila, “May dumating na mga diyos sa kampo ng mga Israelita. Nanganganib tayo ngayon! Ngayon lamang nangyari ito sa atin!

8Kawawa tayo! Sino ngayon ang makakapagligtas sa atin sa mga makapangyarihan nilang diyos? Ito ang mga diyos na nagpahirap sa mga Egipcio sa pamamagitan ng iba't ibang salot.

9Mga kababayan, lakasan natin ang ating loob. Magpakalalaki tayo upang hindi tayo matalo at maalipin ng mga Hebreo, tulad ng pang-aalipin natin sa kanila. Lumaban tayo!”

10Lumaban nga ang mga Filisteo at ang mga Israelita ay natalo na naman. Ang napatay sa kanila ay 30,000 at nagkanya-kanyang takas pauwi ang mga natira.

11Nakuha ng mga Filisteo ang Kaban ng Diyos, at kanilang pinatay ang dalawang anak ni Eli na sina Hofni at Finehas.

### Ang Pagkamatay ni Eli

12Nang araw ring iyon, isang Benjaminita ang patakbong dumating sa Shilo mula sa labanan. Bilang tanda ng kalungkutan, pinunit niya ang kanyang damit at nilagyan niya ng lupa ang kanyang ulo.

13Si Eli ay nakaupo noon sa kanyang upuan sa tabing daan, nakatanaw sa malayo at naghihintay ng balita. Nag-aalala siya dahil sa Kaban ng Diyos. At nang ibalita ng Benjaminita ang nangyari, nag-iyakan ang lahat ng taga-lunsod ng Shilo.

14Narinig ito ni Eli at itinanong niya, “Bakit nag-iiyakan ang mga tao?” Lumapit kay Eli ang Benjaminita at ibinalita ang nangyari.

15Noon ay siyamnapu't walong taon na si Eli at hindi na siya nakakakita.

16Sinabi ng Benjaminita kay Eli, “Ako po'y galing sa labanan. Mabuti na lang po at nakatakas ako.” “Kumusta naman ang labanan, anak?” tanong ni Eli.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Sumagot ang lalaki, “Natalo po ang mga Israelita, at napakarami pong namatay, kabilang ang inyong mga anak na sina Hofni at Finehas. At ang Kaban po ng Diyos ay kanilang naagaw.”

18Nang marinig ni Eli ang tungkol sa Kaban ng Diyos, siya'y nabuwal sa may pintuan. Nabali ang kanyang leeg sapagkat siya'y mabigat at matanda na. Namatay si Eli pagkatapos ng apatnapung taóng pamamahala sa Israel.

### Namatay ang Asawa ni Finehas

19Kabuwanan noon ng asawa ni Finehas. Nang malaman niyang nakuha ang Kaban ng Diyos, namatay ang kanyang biyenan, at napatay ang kanyang asawa, biglang sumakit ang kanyang tiyan at napaanak nang di oras.

20Malubha ang kanyang kalagayan. Sinabi ng mga hilot sa kanya, “Lakasan mo ang iyong loob, lalaki ang anak mo.” Ngunit hindi siya umimik.

21Ang bata ay pinangalanan niyang Icabod na ang kahuluga'y “Umalis na ang kaluwalhatian ng Diyos sa Israel.” Ang tinutukoy niya'y ang pagkakuha sa Kaban ng Diyos at iniisip niya ang pagkamatay ng kanyang biyenan at ng kanyang asawa.

22Inulit niya, “Ang kaluwalhatian ng Diyos ay wala na sa Israel sapagkat ang Kaban ng Diyos ay nakuha ng mga Filisteo.”

## 1 Samuel 5

### Dinala ang Kaban sa Templo ni Dagon

1Mula sa Ebenezer, ang Kaban ng Diyos ay dinala ng mga Filisteo sa Asdod.

2Ipinasok nila ito sa templo ng kanilang diyos na si Dagon at inilagay sa tabi nito.

3Kinaumagahan, nakita ng mga taga-Asdod na nakasubsob ang rebulto ni Dagon sa harap ng Kaban ng Tipan ni Yahweh. Kaya, binuhat nila ito at ibinalik sa dating lugar.

4Nang magbalik sila kinabukasan, nakita nilang nakasubsob na naman si Dagon sa harap ng Kaban ng Tipan. Ang ulo at mga kamay nito ay putul-putol at nagkalat sa may pintuan; walang natirang buo kundi ang katawan.
(5Ito ang dahilan kung bakit hanggang ngayon, ang mga pari ni Dagon at ang lahat ng sumasamba sa Asdod ay hindi tumutuntong kahit sa may pintuan ng templo nito.)

### Pinarusahan ang mga Filisteo

6Pinarusahan ni Yahweh ang mga mamamayan ng Asdod at kanilang karatig-bayan. Sila'y natadtad ng bukol bilang parusa ni Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

7Dahil dito'y sinabi nila, “Kailangang alisin natin dito ang Kaban ng Diyos ng mga Israelita sapagkat pinaparusahan niya tayo at ang diyos nating si Dagon.”

8Kaya ipinatawag nila ang mga pinuno ng mga Filisteo at pinag-usapan nila kung ano ang dapat gawin sa Kaban ng Diyos ng Israel. Nagkaisa silang dalhin iyon sa Lunsod ng Gat, at ganoon nga ang kanilang ginawa.

9Ngunit ang lunsod na iyon ay pinarusahan din ni Yahweh. Nagulo ang buong bayan sapagkat natadtad rin ng bukol ang mga tagaroon, bata man o matanda.

10Dahil dito, dinala nila sa Ekron ang Kaban, ngunit tumutol ang mga tagaroon. Sinabi nila, “Dinala nila rito ang Kabang ito para tayo naman ang ipapatay sa Diyos ng Israel.”

11Kaya, nakipagpulong sila sa mga Filisteo at kanilang sinabi, “Alisin ninyo rito ang Kaban ng Diyos ng Israel. Ibalik ninyo ito sa pinanggalingan bago tayo mamatay lahat.” Gulung-gulo ang lahat dahil sa takot sa parusa ng Diyos.

12Ang mga natirang buháy ay natadtad ng bukol. Abot hanggang langit ang paghingi nila ng saklolo.

## 1 Samuel 6

### Ibinalik ang Kaban ng Tipan

1Makalipas ang pitong buwan mula nang dalhin sa lupain ng mga Filisteo ang Kaban ni Yahweh,

2sumangguni ang mga ito sa kanilang mga pari at mga salamangkero. Itinanong nila kung ano ang dapat gawin sa Kaban ng Tipan at kung ano ang kailangang isama sa pagsasauli niyon.

3Ang sagot ng mga pari at mga salamangkero, “Kung ibabalik ninyo ang Kaban ng Diyos ng Israel, samahan ninyo ng handog na pambayad sa kasalanan. Sa ganitong paraan, patatawarin kayo ng Diyos at hindi na paparusahan.”

4Itinanong nila, “Anong handog na pambayad sa kasalanan ang kailangan?” Sumagot sila, “Sampung pirasong ginto—limang hugis bukol at limang hugis daga—isa para sa bawat haring Filisteo, sapagkat pare-pareho ang bukol na ipinadala sa inyo, hari man o hindi.

5Ang mga bukol at dagang ginto ay gawin nga ninyong kamukha ng mga bukol at dagang nagpahirap sa inyo. Parangalan ninyo ang Diyos ng Israel at baka sakaling tigilan na niya ang pagpaparusa sa inyo, sa inyong mga diyos at sa buong bayan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Huwag na ninyong gayahin ang pagmamatigas ng Faraon at ng mga Egipcio. Hindi ba't pinayagan na rin nilang umalis ang mga Israelita nang sila'y pahirapan ng Diyos ng Israel?

7Kaya't maghanda kayo ng isang bagong kariton, at dalawang gatasang baka na may bisiro at hindi pa napagtatrabaho kahit kailan. Ikulong ninyo ang mga guya, at ipahila ang kariton sa dalawang baka.

8Isakay ninyo sa kariton ang Kaban ng Tipan ni Yahweh, at itabi ninyo rito ang kahon ng mga bukol at dagang ginto. Pagkatapos, palakarin ninyo ang mga baka nang walang umaakay.

9Tingnan ninyo kung saan pupunta. Kapag dumiretso sa Beth-semes, si Yahweh nga ang nagparusa sa inyo. Kapag hindi nagtuloy sa Beth-semes, hindi siya ang may kagagawan ng nangyari sa atin, kundi nagkataon lamang."

10Kumuha nga sila ng dalawang babaing baka na may guya, ipinahila sa mga ito ang kariton, at ikinulong ang mga guya nito.

11Isinakay nila sa kariton ang Kaban ng Tipan at ang kahon ng mga daga at bukol na ginto.

12Lumakad ang mga baka tuluy-tuloy sa Beth-semes, umuunga pa ang mga ito habang daan. Ang mga ito'y hindi lumiko sa kanan o sa kaliwa. Ang mga pinunong Filisteo naman ay sumunod hanggang sa hangganan ng Beth-semes.

13Nag-aani noon ng trigo ang mga taga-Beth-semes at napasigaw sila sa tuwa nang makita ang Kaban.

14Ang kariton ay itinigil sa tabi ng isang malaking bato sa bukid ni Josue na taga-Beth-semes. Nilansag ng mga tagaroon ang kariton at sinindihan. Pagkatapos, pinatay nila ang dalawang baka at inialay bilang handog kay Yahweh.

15Kinuha ng mga Levita ang Kaban ng Tipan ni Yahweh at ang kahon ng mga daga at bukol na ginto. Ipinatong nila ito sa malaking batong naroon. Nang araw ring iyon, ang mga taga-Beth-semes ay naghandog kay Yahweh.

16Nang makita ng limang haring Filisteo ang nangyari, nagbalik na ang mga ito sa Ekron.

17Ito ang mga bayang pinag-ukulan ng mga gintong bukol na inihandog ng mga Filisteo kay Yahweh bilang handog na pambayad sa kasalanan: Asdod, Gaza, Ashkelon, Gat at Ekron.

18Ang limang dagang ginto naman ay para rin sa limang bayang ito at sa mga lupaing sakop ng limang haring Filisteo. At hanggang ngayon, naroroon pa sa bukid ni Josue sa Beth-semes ang malaking batong pinagpatungan ng Kaban ng Tipan ni Yahweh bilang saksi sa lahat ng nangyari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19May pitumpung taga-Beth-semes na nangahas na sumilip sa Kaban ng Tipan, kaya't sila'y pinatay ni Yahweh. Nagluksa ang mga taga-Beth-semes nang makita nila ang malagim na kamatayan ng kanilang mga kababayan.

### Dinala ang Kaban sa Lunsod ng Jearim

20Sinabi ng mga taga-Beth-semes, "Sino ang makakaharap kay Yahweh, sa banal na Diyos? Saan kaya mabuting ipadala ang kanyang Kaban para mapalayo sa atin?"

21Nagpadala sila ng mga sugo sa Lunsod ng Jearim. Ipinasabi nilang kunin doon ang Kaban ng Tipan ni Yahweh sapagkat ibinalik na ito ng mga Filisteo.

## 1 Samuel 7

1Kinuha ng mga taga-Lunsod ng Jearim ang Kaban ng Tipan ni Yahweh at dinala sa bahay ni Abinadab na nasa isang burol. At si Eleazar na anak ni Abinadab ang inatasan nilang tagapag-ingat ng Kaban.

### Ang Pamamahala ni Samuel sa Israel

2Pagkalipas ng dalawampung taon mula nang dalhin sa Lunsod ng Jearim ang Kaban, nalungkot ang buong Israel at humingi ng tulong kay Yahweh.

3Sinabi sa kanila ni Samuel, "Kung talagang buong pusong nanunumbalik na kayo kay Yahweh, alisin ninyong lahat ang mga diyus-diyosan at ang imahen ni Astarte. Italaga ninyo kay Yahweh ang inyong sarili at siya lamang ang inyong paglingkuran. Kapag ginawa ninyo ito, ililigtas niya kayo sa kapangyarihan ng mga Filisteo."

4Kaya, itinapon ng mga Israelita ang kanilang mga imahen nina Baal at Astarte, at si Yahweh na lamang ang kanilang sinamba.

5Sinabi pa ni Samuel, "Tipunin ninyo sa Mizpa ang buong Israel at doo'y ipapanalangin ko kayo kay Yahweh."

6Nang matipon sila sa Mizpa, kumuha sila ng tubig at ibinuhos sa harapan ni Yahweh bilang handog. Maghapon silang nag-ayuno at nanangis ng ganito: "Nagkasala kami kay Yahweh." Doon sa Mizpa ay nanungkulan si Samuel bilang hukom sa sambayanang Israel.

7Nabalitaan ng mga Filisteo ang pagkakatipon ng mga Israelita, kaya't humanda sila upang digmain ang Israel. Natakot ang mga Israelita nang mabalitaan nilang sasalakayin sila ng mga Filisteo.

8Sinabi nila kay Samuel, "Huwag kang titigil sa pagtawag kay Yahweh upang iligtas kami sa mga Filisteo."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Nagpatay si Samuel ng isang pasusuhing tupa at sinunog niya ito nang buo bilang handog kay Yahweh. Nanalangin siya na tulungan ang Israel, at dininig naman ni Yahweh ang kanyang panalangin.

10Samantalang naghahandog si Samuel, palapit naman nang palapit ang mga Filisteo. Ngunit ginulo sila ni Yahweh sa pamamagitan ng malalakas na kulog at nagapi sila ng mga Israelita.

11Mula sa Mizpa, hinabol ng mga Israelita ang mga Filisteo hanggang sa Beth-car, at pinapatay nila ang bawat mahuling kalaban.

12Pagkatapos, naglagay si Samuel ng isang malaking bato sa pagitan ng Mizpa at ng Sen bilang alaala. Tinawag niya itong Ebenezer na ang ibig sabihi'y, "Tinulungan kami ni Yahweh hanggang dito."

13Natalo nila ang mga Filisteo at hindi na nangahas pang magbalik ang mga ito sa lupaing sakop ng Israel.

14Nabawi ng Israel ang mga lunsod at lahat nilang lupain na nasakop ng mga Filisteo, mula sa Ekron hanggang sa Gat. Nakipagkasundo rin sa mga Israelita ang mga Amoreo.

15Habang buhay na nanungkulan si Samuel bilang hukom sa Israel.

16Taun-taon, nagpapalipat-lipat siya sa Bethel, Gilgal at Mizpa upang lutasin ang mga usapin ng mga Israelita.

17Pagkatapos, umuuwi siya sa Rama at doon ipinagpapatuloy ang kanyang pamamahala bilang hukom. At doo'y nagtayo siya ng altar para kay Yahweh.

## 1 Samuel 8

### Humingi ng Hari ang Israel

1Nang matanda na si Samuel, ginawa niyang mga hukom ng Israel ang kanyang mga anak na lalaki.

2Ang panganay niya ay si Joel at ang pangalawa'y si Abias. Sila'y nagsilbing hukom sa Beer-seba.

3Ngunit hindi sila sumunod sa halimbawa ng kanilang ama. Naging gahaman sila sa salapi, tumanggap ng suhol, at hindi pinairal ang katarungan.

4Dahil dito, ang pinuno ng Israel ay sama-samang nagsadya kay Samuel sa Rama at

5kanilang sinabi, "Matanda na po kayo. Ang mga anak naman ninyo'y hindi sumusunod sa inyong mga yapak. Kaya't ipili ninyo kami ng isang haring mamumuno sa amin tulad ng ibang mga bansa."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

6Nalungkot si Samuel dahil sa kahilingan ng mga tao, kaya't nanalangin siya kay Yahweh.

7Sinabi naman sa kanya ni Yahweh, "Sundin mong lahat ang sinasabi nila sapagkat hindi ikaw kundi ako ang itinatakwil nila bilang hari nila.

8Ang ginagawa nila sa iyo ngayon ay ginagawa na nila sa akin mula pa nang ilabas ko sila sa Egipto. Noon pa'y tumalikod na sila sa akin, at naglingkod sa mga diyus-diyosan.

9Sundin mo sila, ngunit bigyan mo sila ng babala at ipaliwanag mo sa kanila kung ano ang gagawin ng hari na nais nilang mamahala sa kanila."

10Lahat ng sinabi ni Yahweh kay Samuel ay sinabi nito sa mga Israelita.

11Ito ang sabi niya, "Ganito ang gagawin sa inyo ng magiging hari ninyo: Kukunin niya ang mga anak ninyong lalaki upang gawing kanyang mga kawal; ang iba'y sasakay sa kanyang karwaheng pandigma, ang iba nama'y sa hukbong kabayuhan at ang iba nama'y maglalakad sa unahan ng mga karwahe.

12Ang iba'y gagawin niyang opisyal para sa libu-libo at sa lima-limampu. Ang iba'y pagtatrabahuhin niya sa kanyang bukirin at sa pagawaan ng mga sandata at sasakyang pandigma.

13Ang inyong mga anak na babae naman ay gagawin niyang manggagawa ng pabango, mga tagapagluto at tagagawa ng tinapay.

14Kukunin din niya ang pinakamagaganda ninyong bukirin, ubasan, taniman ng olibo at ibibigay sa kanyang mga opisyal.

15Kukunin din niya ang ikasampung bahagi ng inyong ani sa bukid at ubasan para ibigay sa kanyang mga pinuno at mga opisyal sa palasyo.

16Kukunin niya pati ang inyong mga alila, babae't lalaki, ang pinakamagaganda ninyong baka, kabayo at asno upang magtrabaho para sa kanya.

17Kukunin din ang ikasampung bahagi ng inyong kawan at kayo'y gagawin niyang alipin.

18Pagdating ng araw na iyon, irereklamo ninyo kay Yahweh ang inyong hari na kayo mismo ang pumili ngunit hindi kayo papakinggan ni Yahweh."

19Hindi pinansin ng mga Israelita ang mga sinabi ni Samuel. Sa halip, sinabi nila, "Basta, gusto naming magkaroon ng hari

20upang kami'y maging katulad ng ibang bansa, at upang ang aming hari ang siyang mamamahala at mangunguna sa amin sa digmaan laban sa aming mga kaaway."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Nang mapakinggan ni Samuel ang kahilingan ng mga tao, sinabi niya ang mga ito kay Yahweh.

22Sinabi naman sa kanya ni Yahweh, "Pagbigyan mo na ang gusto nila. Bigyan mo sila ng hari." Pagkatapos nito'y pinauwi na ni Samuel ang mga Israelita sa kani-kanilang bayan.

## 1 Samuel 9

### Nagkita sina Saul at Samuel

1Sa lipi ni Benjamin ay may isang mayamang lalaki. Siya'y si Kish na anak ni Abiel at apo ni Zeror, mula sa sambahayan ni Becorat at sa angkan ni Afia.

2Si Kish ang ama ni Saul na siya namang pinakamakisig at pinakamatangkad na lalaki sa buong Israel.

3Minsan, nawala ang mga asno ni Kish. Kaya, inutusan niya si Saul na magsama ng isang katulong at hanapin ang mga asno.

4Naghanap sila sa buong kaburulan ng Efraim at sa lupain ng Salisa ngunit wala silang nakita ni isa man. Nagtuloy sila sa Saalim ngunit wala rin doon. Nagtuloy sila sa Benjamin at wala rin silang natagpuan doon.

5Nakarating sila sa Zuf ngunit wala pa rin silang nakita, kaya't nagyaya nang umuwi si Saul. Sinabi niya sa kanyang kasamang lingkod, "Umuwi na tayo at baka tayo naman ang inaalala ng aking ama."

6Sumagot ang kanyang kasama, "Sandali lang. Sa lunsod na ito ay may isang lingkod ng Diyos. Iginagalang siya ng mga tao sapagkat nagkakatotoo ang anumang sabihin niya. Pumunta tayo sa kanya, baka sakaling maituro niya sa atin ang ating hinahanap."

7Sinabi ni Saul, "Anong maibibigay natin kung pupunta tayo sa kanya? Ubos na ang baon nating pagkain."

8Sumagot ang katulong, "Mayroon pa akong tatlong gramong pilak. Ibibigay ko na ito sa kanya para ituro sa atin ang ating hinahanap."

9Noong panahong iyon, ugali ng mga Israelita na lumapit sa isang manghuhula kung may isasangguni sa Diyos. Manghuhula ang dati nilang tawag sa propeta.

10Sinabi ni Saul, "Sige, tayo na. Pumunta tayo sa sinasabi mong lingkod ng Diyos." At nagpunta nga sila sa lunsod na kinaroroonan ng nabanggit na lingkod ng Diyos.

11Sa daan, nakasalubong sila ng mga dalagang sasalok ng tubig. "Narito kaya ang manghuhula?" tanong ni Saul sa mga dalaga.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12 Sumagot ang mga dalaga, “Opo. Kararaan lang niya papunta sa altar sa burol sapagkat maghahandog doon ang mga tao. Lumakad na kayo at pagpasok ninyo ng lunsod

13 ay makikita ninyo siya. Magmadali kayo upang maabutan ninyo siya bago makaakyat sa altar para kumain. Hindi kakain ang mga taong naroon hangga't hindi siya dumarating sapagkat kailangan munang basbasan ang mga handog. Pagkabasbas, saka kakain ang mga panauhin.”

14 At nagtuloy nga sila sa lunsod. Papasok na sila nang makita nila si Samuel na papunta naman sa altar na paghahandugan.

15 Isang araw bago dumating doon si Saul, nagpakita kay Samuel si Yahweh at sinabi,

16 “Bukas nang ganitong oras, may darating sa iyong isang lalaking taga-Benjamin. Pahiran mo siya ng langis bilang pinuno ng aking bayang Israel. Siya ang magtatanggol sa mga Israelita laban sa mga Filisteo. Naaawa na ako sa nakikita kong paghihirap ng aking bayan at narinig ko ang kanilang karaingan.”

17 Nang dumating si Saul, sinabi ni Yahweh kay Samuel, “Iyan ang lalaking sinasabi ko sa iyo na maghahari sa Israel.”

18 Lumapit si Saul kay Samuel at nagtanong, “Saan po ba nakatira ang manghuhula?”

19 Sumagot si Samuel, “Ako ang manghuhula. Sumama ka sa akin sa altar sa burol at magsasalo tayo sa pagkain. Bukas ka na ng umaga umuwi pagkatapos kong sabihin sa iyo ang gusto mong malaman.

20 Huwag mo nang alalahanin ang mga asnong hinahanap mo sapagkat nakita na ang mga iyon. Sino ba ang pinakamimithi ng Israel kundi ikaw at ang sambahayan ng iyong ama?”

21 Sumagot si Saul, “Ako po'y mula sa lipi ni Benjamin, ang pinakamaliit na lipi sa Israel at ang aming angkan ang pinakamahirap sa aming lipi. Bakit po ninyo sinasabi sa akin iyan?”

22 Si Saul at ang kanyang katulong ay isinama ni Samuel sa handaan at pinaupo sa upuang pandangal. May tatlumpu ang naroong panauhin.

23 Sinabi ni Samuel sa tagapagluto, “Ihain mo rito ang bahaging ipinatabi ko sa iyo.”

24 Inilabas ng tagapagluto ang pigi at hita ng handog, at inihain kay Saul. Sinabi ni Samuel, “Narito ang bahaging ibinukod para sa iyo. Kainin mo sapagkat iyan ay inilaan sa iyo sa pagkakataong ito.” Nang araw na iyon, kumain nga si Saul kasalo ni Samuel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25 Pagbalik nila sa lunsod, may nakahanda nang higaan sa ibabaw ng bahay para kay Saul. Doon siya natulog nang gabing iyon.

**Binuhusan ng Langis si Saul**

26 Kinabukasan ng madaling araw, nilapitan siya ni Samuel at ginising, “Bangon na at nang makalakad na kayo.” Bumangon nga si Saul at silang dalawa ni Samuel ay lumabas sa lansangan.

27 Nang palabas na sila ng lunsod, sinabi ni Samuel, “Paunahin mo na ang katulong mo at mag-usap tayo sandali. Sasabihin ko sa iyo ang ipinapasabi ng Diyos.”

## 1 Samuel 10

1 Kinuha ni Samuel ang sisidlan ng langis at binuhusan ang ulo ni Saul. Pagkatapos, hinagkan niya ito at sinabi, “Binuhusan kita ng langis ni Yahweh upang maging hari ng Israel. Pamumunuan mo ang kanyang bayan at ililigtas laban sa lahat niyang kaaway. Ito ang magiging palatandaan na ikaw nga ang hinirang ni Yahweh upang mamahala sa kanyang bayan:

2 Paghihiwalay natin ngayon, may masasalubong kang dalawang tao sa tabi ng libingan ni Raquel, sa Selsa na sakop ng Benjamin. Sasabihin nila sa iyo na nakita na ang mga asnong hinahanap mo, at ikaw naman ngayon ang inaalala at ipinagtatanong ng iyong ama.

3 Sa dako pa roon, may masasalubong kang tatlong lalaki sa may malalaking puno sa Tabor. Papunta sila sa Bethel sa altar ng Diyos; ang isa'y may dalang tatlong tupang maliit, ang isa'y tatlong malalaking tinapay at ang isa'y sisidlang balat na puno ng alak.

4 Babatiin ka nila at ibibigay sa iyo ang dalawa sa dala nilang tinapay. Kapag inalok ka, tanggapin mo.

5 Pagdating mo sa Burol ng Diyos, sa may kampo ng mga Filisteo, makakasalubong mo naman ang isang pangkat ng mga propeta na pinangungunahan ng mga manunugtog ng alpa, tamburin, plauta at lira. Sila'y galing sa altar sa burol, at nagpapahayag ng propesiya.

6 Sa oras na iyon, lulukuban ka ng Espiritu ni Yahweh. Ikaw ay sasama sa kanila at gagawin mo rin ang ginagawa nila. Magbabago ang iyong pagkatao.

7 Kapag naganap na ang mga palatandaang ito, gawin mo ang dapat mong gawin sapagkat sasamahan ka ng Diyos.

8 Pagkatapos noon, mauuna ka sa akin sa Gilgal at pupuntahan kita roon para ipaghain ng handog na susunugin at handog pangkapayapaan. Hihintayin mo ako roon nang pitong araw, at sasabihin ko sa iyo ang dapat mong gawin.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Nang maghiwalay sila ni Samuel, si Saul ay binigyan ng Diyos ng bagong katauhan. At nang araw ring iyon, naganap ang lahat ng sinabi sa kanya ni Samuel.

10Pagdating nila sa Gibea, nakasalubong nga nila ang isang pangkat ng mga propeta. Lumukob kay Saul ang Espiritu ni Yahweh at siya'y nagpahayag din tulad sa ginagawa ng mga propeta.

11Nang makita siya ng mga nakakakilala sa kanya, itinanong ng mga ito, “Ano bang nangyari kay Saul na anak ni Kish? Propeta na rin ba si Saul?”

12Isang tagaroon ang sumagot, “Bakit naman hindi? Baka siya pa nga ang kanilang pinuno.” At dahil dito, nagsimula ang kasabihang, “Propeta na rin ba si Saul?”

13Pagkatapos ng pangyayaring iyon, si Saul ay nagpunta sa altar sa burol.

14Pagdating doon, si Saul at ang kasama niyang lingkod ay tinanong ng kanyang tiyo, “Saan ba kayo nagpunta?” Sumagot siya, “Hinanap po namin ang mga asno. Nang hindi ko makita, nagtuloy kami kay Samuel.”

15Sinabi ng kanyang tiyo, “Ano ang sinabi sa iyo ni Samuel?”

16Sumagot si Saul, “Sinabi niyang nakita na raw ang mga asnong hinahanap namin.” Ngunit hindi niya binanggit ang tungkol sa pagkahirang sa kanya bilang hari ng Israel.

**Si Saul ay Tinanghal Bilang Hari**

17Ang mga Israelita ay tinawag ni Samuel sa isang banal na pagpupulong sa Mizpa.

18Sinabi niya, “Ito ang ipinapasabi ni Yahweh: ‘Inilabas ko kayo sa Egipto. Iniligtas ko kayo sa mga Egipcio at sa mga kahariang nagpapahirap sa inyo.

19Ngunit itinakwil ninyo ako, ang Diyos na humango sa inyo sa kahirapan at nagligtas sa inyo sa maraming kagipitan. Itinakwil ninyo ako nang humingi kayo ng haring mamamahala sa inyo. Kaya nga, lumapit kayo kay Yahweh, sama-sama ang magkakalipi at magkakasambahay.’”

20Nang matipon ni Samuel ang buong Israel sa harap ng altar ni Yahweh, nagpalabunutan sila at nakuha ang lipi ni Benjamin.

21Pinalapit naman niya ang mga angkan sa lipi ni Benjamin at nabunot ang pamilya ni Matri. Sa kahuli-hulihan, pinalapit niya ang lahat ng anak ni Matri at ang nabunot ay si Saul na anak ni Kish. Ngunit wala roon si Saul.

22Dahil dito, itinanong nila kay Yahweh, “Pupunta po kaya siya rito?” Sumagot si Yahweh, “Naroon siya sa bunton ng mga dala-dalahan at nagtatago.”

23Siya'y patakbo nilang pinuntahan at dinala sa mga tao. Nang mapagitna siya sa karamihan, si Saul ang pinakamatangkad.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24 Sinabi ni Samuel sa mga tao, “Ito ang pinili ni Yahweh. Wala siyang katulad sa buong bayan.” Sabay-sabay silang sumigaw, “Mabuhay ang hari!”

25 Inisa-isa ni Samuel sa mga taong-bayan ang mga karapatan at pananagutan ng isang hari. Pagkatapos, isinulat niya ang mga ito at inilagay sa harap ng altar ni Yahweh. Pagkatapos, pinauwi na niya ang mga Israelita.

26 Pati si Saul ay umuwi na sa Gibea, kasama ang ilang matatapang na Israelita, mga lalaking ang puso'y hinipo ng Diyos.

27 Ngunit may ilang tao roon na pakutyang nagtanong, “Paano tayo maililigtas niyan?” Nilait nila si Saul at hindi sila nagbigay ng handog sa kanya. Ngunit tumahimik lamang si Saul.

# 1 Samuel 11

### Tinalo ni Saul ang mga Ammonita

1 Ang Jabes-gilead ay kinubkob ni Nahas na hari ng mga Ammonita. Nang mapaligiran niya ang lunsod, nagpadala ng sugo sa kanya ang mga tagaroon. Sinabi ng mga sugo, “Kung magkakasundo tayo, pasasakop kami sa inyo.”

2 Sumagot si Nahas, “Makikipagkasundo ako sa inyo kung ipadudukit ninyo sa akin ang kanang mata ng bawat isa sa inyo. Sa gayon, mapapahiya ang buong Israel.”

3 Sinabi ng mga pinuno ng Jabes, “Bigyan po ninyo kami ng pitong araw para maibalita sa buong Israel ang aming kalagayan. Kung wala pong tutulong sa amin, susuko na kami sa inyo.”

4 Umabot sa Gibea ang mga sugo. Nang marinig ang balita, nag-iyakan nang malakas ang buong bayan.

5 Si Saul ay papauwi noon mula sa bukid, kasama ang kanyang mga baka. Nang makita niyang nag-iiyakan ang mga tao, nagtanong siya, “Ano bang nangyayari? Bakit nag-iiyakan ang mga tao?” At sinabi nila sa kanya ang balita ng mga taga-Jabes.

6 Pagkarinig nito, nilukuban siya ng Espiritu ng Diyos at nagsiklab ang kanyang galit.

7 Kumuha siya ng dalawang baka at pinagpira-piraso ang mga iyon. Pagkatapos, ibinigay iyon sa mga sugo at iniutos na ipakita sa buong Israel lakip ang ganitong bilin: “Ganito ang gagawin sa mga baka ng sinumang hindi sasama kay Saul at kay Samuel sa pakikidigma.” Ang mga Israelita'y nakadama ng matinding takot kay Yahweh kaya silang lahat ay nagkaisang sumama sa labanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Tinipon ni Saul sa Bezek ang mga tao; umabot sa 300,000 ang galing sa Israel at 30,000 naman ang galing sa Juda.

9Sinabi nila sa mga sugo, “Ito ang sabihin ninyo sa mga taga-Jabes-gilead: ‘Bukas ng tanghali, darating ang magliligtas sa inyo.’” Nang marinig ito ng mga taga-Jabes, natuwa sila.

10At sinabi nila sa mga Ammonita, “Bukas, susuko na kami sa inyo at gawin na ninyo sa amin ang gusto ninyo.”

11Kinabukasan, hinati ni Saul sa tatlong pangkat ang kanyang mga mandirigma. Nang mag-uumaga na, pinasok nila ang kampo ng mga Ammonita at pinagpapatay nila ang mga ito bago tumanghali. Ang mga natirang buháy ay nagkanya-kanya ng pagtakas.

12Pagkatapos nito, itinanong ng mga tao kay Samuel, “Nasaan ang mga nagsasabing hindi si Saul ang dapat maghari sa amin? Dalhin ninyo sila rito at papatayin namin!”

13Ngunit sinabi ni Saul, “Huwag! Isa man sa ati'y walang mamamatay sapagkat sa araw na ito'y iniligtas ni Yahweh ang buong Israel.”

14At sinabi ni Samuel sa mga tao, “Magpunta tayo sa Gilgal at doo'y muli nating ipahayag na hari natin si Saul.”

15Lahat ay sama-samang nagpunta sa Gilgal at kinilala si Saul bilang hari. Pagkatapos, naghandog sila kay Yahweh ng mga haing pangkapayapaan, at nagdiwang silang lahat.

## 1 Samuel 12

### Ang Talumpati ni Samuel

1Sinabi ni Samuel sa sambayanang Israel, “Ngayon, nasunod ko na ang gusto ninyo, nabigyan ko na kayo ng hari.

2Narito na siya upang mamuno sa inyo. Ako nama'y matanda na at ang aking mga anak ay kasa-kasama ninyo. Mula sa aking kabataan hanggang ngayon ay ako ang namuno sa inyo.

3Kung mayroon kayong anumang reklamo laban sa akin, sabihin ninyo sa harapan ni Yahweh at sa hinirang niyang hari. Mayroon ba akong kinuha sa inyo kahit isang baka o asno? Mayroon ba akong dinaya o inapi? Nasuhulan ba ako ng sinuman para ipikit ko ang aking mga mata sa kamalian? Sabihin ninyo ngayon at pananagutan ko kung mayroon.”

4“Hindi mo kami dinaya o inapi. Wala kang kinuhang anuman sa amin,” sagot nila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Sinabi ni Samuel, "Kung gayon, si Yahweh ang saksi ko. Saksi ko rin ang kanyang hinirang na ako'y walang ginawang masama sa inyo." Sumagot sila, "Iyan ay alam ni Yahweh."

6Sinabi ni Samuel, "Siya nga ang saksi, si Yahweh na pumili kina Moises at Aaron, at siya rin ang nagligtas sa inyong mga ninuno mula sa kamay ng mga Egipcio.

7Kaya nga, tumayo kayong lahat sa harapan niya at iisa-isahin ko ang mga kabutihan niyang ginawa sa inyo at sa inyong mga ninuno.

8Nang si Jacob at ang buo niyang sambahayan ay manirahan sa Egipto, sila'y inalipin ng mga Egipcio. Humingi ng tulong kay Yahweh ang inyong mga magulang at ibinigay sa kanila sina Moises at Aaron. Sa pangunguna ng mga ito, sila'y inilabas niya sa Egipto at dinala sa lupaing ito.

9Ngunit si Yahweh ay tinalikuran ng sambayanan. Kaya't sila'y ipinalupig niya kay Sisera, ang pinuno ng hukbo ni Jabin na hari ng Hazor, gayundin sa mga Filisteo at sa mga Moabita.

10Pagkatapos ay dumaing sila kay Yahweh at kanilang sinabi, 'Nagkasala kami sapagkat tinalikuran ka namin. Naglingkod kami kay Baal at kay Astarot. Iligtas mo kami ngayon sa aming mga kaaway at maglilingkod kami sa iyo.'

11At ipinadala sa kanila ni Yahweh sina Gideon, Barak, Jefte, at Samuel; iniligtas nila kayo at pinangalagaan laban sa inyong mga kaaway kaya't mapayapa kayong nakapamuhay.

12Ngunit nang kayo'y sasalakayin ni Nahas na hari ng mga Ammonita, ipinagpilitan ninyong, "Basta, gusto naming isang hari ang mamuno sa amin," bagama't alam ninyong si Yahweh na inyong Diyos ang inyong hari.

13"Narito ngayon ang haring hiningi ninyo, ibinigay na sa inyo ni Yahweh.

14Kung mamumuhay kayong may takot kay Yahweh, kung maglilingkod kayo sa kanya at susundin ang kanyang kalooban, kung hindi kayo susuway sa kanyang mga utos, at kung kayo at ang inyong hari ay susunod kay Yahweh na inyong Diyos, magiging maayos ang inyong pamumuhay.

15Ngunit kapag hindi kayo sumunod sa kanya, sa halip ay lumabag sa kanyang utos, paparusahan niya kayo.

16Ngayon, tingnan ninyo ang kababalaghang gagawin ni Yahweh.

17Ngayon ay anihan ng trigo. Idadalangin ko sa kanya na kumulog at umulan para makita ninyo kung gaano kalaki ang pagkakasalang ginawa ninyo kay Yahweh nang humingi kayo ng hari."

18Nanalangin nga si Samuel. Noon di'y kumulog at umulan. Silang lahat ay napuno ng matinding takot kay Yahweh, at kay Samuel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[19]Sinabi nila kay Samuel, "Ipanalangin mo kay Yahweh na huwag kaming mamatay dahil sa paghingi namin ng hari. Malaking kasalanan ang idinagdag namin sa marami na naming pagkakasala."

[20]"Huwag kayong matakot," sabi ni Samuel. "Kahit malaki ang pagkakasala ninyo kay Yahweh, huwag kayong lalayo sa kanya. Ang kailangan ay paglingkuran ninyo siya nang buong puso. Huwag ninyo siyang tatalikuran.

[21]Lumayo kayo sa mga diyus-diyosan. Hindi kayo maililigtas ni matutulungan ng mga iyan sapagkat hindi sila tunay na Diyos.

[22]Hindi kayo pababayaan ni Yahweh, sapagkat iyon ang kanyang pangako. Kayo'y pinili niya bilang kanyang bayan.

[23]Ipapanalangin ko kayo at tuturuan ng dapat ninyong gawin.

[24]Subalit matakot kayo kay Yahweh. Manatili kayong tapat sa kanya, paglingkuran ninyo siya nang buong puso at lagi ninyong alalahanin ang mga kabutihang ginawa niya sa inyo.

[25]Ngunit kung mananatili kayo sa inyong kasamaan, malilipol kayong lahat, pati ang inyong hari."

## 1 Samuel 13

### Ang Pakikidigma Laban sa mga Filisteo

[1]Tatlumpung taon si Saul nang siya'y maging hari ng Israel. Siya'y naghari sa loob ng dalawang taon.

[2]Pumili si Saul ng tatlong libong tauhan; ang dalawang libo ay isinama niya sa Micmas at sa kaburulan ng Bethel. Ang sanlibo naman ay pinasama niya kay Jonatan sa Gibea, sakop ng Benjamin. Ang iba'y pinauwi niya sa kani-kanilang tolda.

[3]Nasakop na ni Jonatan ang kampo ng mga Filisteo sa Gibea at ito'y napabalita sa buong lupain ng mga Filisteo. Ipinabalita naman ni Saul sa buong Israel ang nangyari at tinawagan ang buong bayan na makidigma.

[4]Nang marinig ng mga Israelita na nasakop na ni Saul ang isang kampo ng mga Filisteo at malaman nilang napopoot sa kanila ang mga ito, nagkaisa silang sumama kay Saul sa Gilgal upang makipaglaban.

[5]Nagtipun-tipon din ang mga Filisteo upang harapin ang mga Israelita. Ang karwahe nila ay 30,000, at 6,000 ang mga kawal na nakakabayo, at parang buhangin sa dagat ang dami ng mga kawal na naglalakad. Sila'y nagkampo sa Micmas, sa gawing silangan ng Beth-aven.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Nakita ng mga Israelita ang malaking panganib na kanilang kakaharapin at natakot sila, kaya't nagkanya-kanya silang tago sa mga kuweba, hukay, libingan, malalaking bato, at mga punongkahoy.

7Ang iba nama'y tumawid sa Jordan papuntang Gad at Gilead. Naiwan si Saul sa Gilgal at nanginginig sa takot ang mga naiwang kasama niya.

8Pitong araw siyang naghintay roon, tulad ng sinabi sa kanya ni Samuel; ngunit hindi pa rin ito dumarating. Ang mga kasama niya'y isa-isa nang umaalis,

9kaya't nagpakuha si Saul ng handog na susunugin at handog pangkapayapaan at siya na ang naghandog ng mga ito.

10Katatapos lamang niyang maghandog nang dumating si Samuel. Sinalubong siya ni Saul at binati.

11Tinanong siya ni Samuel, "Bakit mo ginawa iyan?" Sumagot siya, "Ang mga kasama ko'y isa-isa nang nag-aalisan, nariyan na sa Micmas ang mga Filisteo, at ikaw nama'y hindi dumating sa oras na ating usapan.

12Ako'y nangambang lusubin kami ng mga Filisteo rito sa Gilgal na hindi pa ako nakapaghahandog kay Yahweh, kaya napilitan akong maghandog."

13Sinabi sa kanya ni Samuel, "Malaking kasalanan 'yang ginawa mo. Kung sinunod mo ang iniuutos sa iyo ni Yahweh na iyong Diyos, ang sambahayan mo sana ang maghahari sa buong Israel habang panahon.

14Ngunit dahil sa ginawa mo, hindi na matutuloy iyon. Si Yahweh ay pipili ng isang taong mula sa kanyang puso na maghahari sa Israel sapagkat hindi mo sinunod ang mga utos niya sa iyo."

15Pagkasabi nito'y umalis si Samuel at nagpunta sa Gibea, sa lupain ng Benjamin. Tinipon ni Saul ang natira niyang mga tauhan at umabot sa 600.

16Sina Saul at Jonatan, pati ang kanilang mga tauhan ay nagkampo naman sa Gibea ng Benjamin samantalang nasa Micmas pa rin ang mga Filisteo.

17Ang mga ito'y nagtatlong pangkat sa pagsalakay sa mga Israelita: ang una'y gumawi sa Ofra, sa lupain ng Sual;

18ang ikalawa'y sa Beth-horon, at ang pangatlo'y sa kaburulan, sa may hanggahan ng kapatagan ng Zeboim at ng kagubatan.

19Noon ay wala ni isa mang panday sa buong Israel sapagkat ayaw ng mga Filisteo na makagawa ng mga tabak o sibat ang mga Israelita.

20Kaya ang mga Israelita'y sa mga Filisteo pa nagpapahasa ng kanilang araro, asarol, palakol at karit.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Mahal ang bayad nila sa pagpapahasa ng palakol o karit, at mas mahal pa para sa araro o asarol.

22Kaya, sina Saul at Jonatan lamang ang may tabak; isa man sa mga kasamahan nila'y walang dalang patalim.

23Samantala, binantayang mabuti ng mga Filisteo ang daanan papuntang Micmas.

## 1 Samuel 14

### Ang Tagumpay ni Jonatan sa Micmas

1Isang araw, lingid sa kaalaman ng kanyang ama, sinabi ni Jonatan sa tagadala niya ng mga sandata, “Sumama ka sa akin at liligid tayo sa kabila ng kampo ng mga Filisteo.”

2Si Saul noon ay nasa labas ng Gibea, sa ilalim ng isang puno ng granada sa Micron, kasama ang may animnaraang tauhan.

3Naroon din ang paring si Ahias na anak ni Ahitob, kapatid ni Icabod at apo ni Finehas na anak naman ni Eli, ang pari ni Yahweh sa Shilo. Dala ni Ahias ang efod. Walang nakaalam sa lakad nina Jonatan.

4Ang magkabila ng daanang binabantayan ng mga Filisteo ay mataas na bato; Bozez ang tawag sa isang panig, at Sene naman ang kabila.

5Ang isa ay nasa gawing hilaga, sa tapat ng Micmas at ang isa nama'y nasa timog, sa tapat ng Gibea.

6Sinabi ni Jonatan sa tagadala niya ng mga sandata, “Pumunta tayo sa kampo ng mga Filisteong ito. Natitiyak kong tutulungan tayo ni Yahweh at walang makakahadlang sa kanya. Pagtatagumpayin niya ang Israel sa pamamagitan ng marami o ng kakaunting tao.”

7Sumagot ang tagadala niya ng sandata, “Kayo po ang masusunod; kasama ninyo ako anuman ang mangyari.”

8“Mabuti kung gayon,” sabi ni Jonatan. “Tatawid tayo at magpapakita sa kanila.

9Kapag sinabi nilang hintayin natin sila, hindi tayo tutuloy ng paglapit sa kanila.

10Pero kapag sinabi nilang lumapit tayo, lalapit tayo sa kanila sapagkat iyon ang palatandaang sila'y ibinigay sa atin ni Yahweh.”

11At lumakad na silang dalawa. Nang matanaw sila ng mga Filisteo, sinabi ng mga ito, “Hayun, naglalabasan na sa lungga ang mga Hebreo.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[12]At hiniyawan nila sina Jonatan, “Halikayo rito at may sasabihin kami sa inyo.” Sinabi ni Jonatan sa tagadala niya ng sandata, “Sumunod ka sa akin. Niloob ni Yahweh na sila'y mahulog sa kamay ng Israel.”

[13]Nagmamadali siyang umakyat sa matarik na bato, at sinalakay ang mga Filisteo. Bumabagsak ang bawat makaharap niya at ang mga ito'y pinapatay naman ng tagadala niya ng sandata.

[14]Dalawampu ang napatay nila sa pagsalakay na iyon sa may kalahating ektaryang pinaglabanan nila.

[15]Nasindak ang mga Filisteo, maging ang mga nasa lansangan, gayundin ang mga nasa kampo. Nayanig ang lupa at hindi nila malaman ang gagawin.

### Natalo ang mga Filisteo

[16]Nakita ng mga kawal ni Saul sa Gibea ang pagkakagulo ng mga Filisteo.

[17]Sinabi ni Saul sa kanyang mga kasama, “Tingnan nga ninyo kung sino ang wala sa atin.” Tiningnan nila at natuklasan nilang wala si Jonatan at ang tagadala nito ng sandata.

[18]At sinabi ni Saul kay Ahias, “Dalhin mo rito ang efod.” Si Ahias nga ang may dala ng efod noon.

[19]Samantalang kinakausap ni Saul ang pari, palubha naman nang palubha ang kaguluhan ng mga Filisteo, kaya sinabi ni Saul sa pari, “Huwag mo nang ituloy ang pagsangguni sa Diyos.”

[20]Sinalakay ni Saul at ng kanyang mga tauhan ang mga Filisteo na dinatnan nilang nagkakagulo, sila-sila'y nagtatagaan.

[21]Ang mga Hebreo namang kasama ng mga Filisteo ay pumanig na sa mga Israelita.

[22]Pati ang mga Israelitang nagtatago sa kabundukan ng Efraim ay sumama na rin sa pagsalakay sa mga Filisteo.

[23]Ang labanan ay umabot sa kabila ng Beth-aven at nang araw na iyon, iniligtas ni Yahweh ang Israel.

### Ang Sumpa ni Saul

[24]Ang mga Israelita ay nanghihina na sa gutom nang araw na iyon. Ngunit walang mangahas kumain sapagkat mahigpit na ipinagbawal ni Saul ang tumikim ng pagkain bago lumubog ang araw hanggang hindi nila nalilipol ang mga kaaway.

[25]Nakarating sila sa isang kagubatan na sagana sa pulot.

[26]Pagpasok nila rito, nakita nilang umaagos ang pulot ngunit ni hindi sila tumikim dahil natatakot sila sa sumpa ni Saul.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Palibhasa'y hindi alam ni Jonatan ang tungkol sa sumpa ng kanyang ama, itinubog niya sa pulot ang kanyang tungkod, at sinipsip ito. At nagliwanag ang kanyang paninging nanlabo na dahil sa gutom at pagod.

28Sinabi sa kanya ng isa sa mga Israelita, “Mahigpit pong ipinagbabawal ng iyong ama ang tumikim ng pagkain sa araw na ito. Kaya latang-lata na ang mga tao.”

29Sinabi ni Jonatan, “Bakit pinahihirapan ng aking ama ang mga tao? Heto at nagliwanag ang aking paningin nang tumikim ako ng pulot.

30Gaano pa kaya kung ang mga tao'y pababayaang kumain ng mga pagkaing nasamsam nila. Lalo sanang madadali ang paglipol sa mga Filisteo.”

31Nang araw na iyon, ang mga Filisteo'y nalupig ng mga Israelita mula sa Micmas hanggang Ahilon, ngunit lambot na lambot na sila sa gutom.

32Kaya, nagmamadali silang humuli ng mga hayop ng mga Filisteo. Nagpatay sila ng mga tupa, baka at mga guya. Dahil sa gutom, kinain ang mga ito nang hindi na nakuhang alisan ng dugo.

33May nagsumbong kay Saul na ang hukbo'y gumagawa ng malaking kasalanan kay Yahweh; kumakain sila ng karneng may dugo. Kaya't sinabi ni Saul, “Ito'y isang malaking kataksilan! Igulong ninyo rito ang isang malaking bato, ngayon din.

34Sabihin ninyo sa mga tao na magdala rito ng baka o tupa at dito nila papatayin at kakanin para hindi sila magkasala kay Yahweh dahil sa pagkain ng dugo.” Kinagabihan, ang mga Israelita'y nagdala ng mga baka at doon pinatay.

35Si Saul nama'y nagtayo ng altar para kay Yahweh; ito ang unang altar na kanyang ginawa.

36Sinabi ni Saul sa kanyang mga tauhan, “Mamayang gabi, lulusubin natin ang mga Filisteo at lilipulin natin sila hanggang sa mag-umaga; wala tayong ititirang buháy sa kanila.” Sumagot sila, “Kayo po ang masusunod.” Ngunit sinabi ng pari, “Sumangguni muna tayo sa Diyos.”

37Sumangguni nga si Saul sa Diyos, “Lulusubin na po ba namin ang mga Filisteo? Pagtatagumpayin po ba ninyo kami?” Ngunit hindi siya sinagot ng Diyos.

38Kaya't sinabi niya, “Magsama-sama ang lahat ng pinuno ng Israel para malaman natin kung sino ang nagkasala.

39Sinuman siya ay tiyak na papatayin kahit na ang anak kong si Jonatan. Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy at tagapagligtas ng Israel.” Walang umimik isa man sa mga Israelita.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

40 Sinabi ni Saul, “Magsama-sama kayo sa isang panig at kami naman ni Jonatan sa kabila.” Sumagot ang mga tao, “Kayo po ang masusunod.”

41 Pagkatapos, tumingala si Saul at sinabi, “Yahweh, Diyos ng Israel, bakit hindi kayo sumagot ngayon sa inyong lingkod? Kung ang nagkasala'y alinman sa amin ni Jonatan, ipabunot ninyo sa amin ang Urim. Ngunit kung ang mga tao ang nagkasala, ipabunot ninyo ang Tumim.” Nang gawin ang palabunutan, lumitaw na ang nagkasala'y ang panig nina Saul at Jonatan; walang dapat panagutan ang mga tao.

42 Sinabi ni Saul, “Gagawin ngayon ang palabunutan para malaman kung sino sa amin ni Jonatan ang nagkasala.” At si Jonatan ang lumitaw na may kasalanan.

43 Dahil dito, tinanong ni Saul si Jonatan, “Magsabi ka ng totoo, ano ang ginawa mo?” Sumagot siya, “Itinubog ko ang aking tungkod sa pulot at ito'y aking tinikman. Kung kailangan akong patayin dahil doon, nakahanda po akong mamatay.”

44 Sinabi ni Saul, “Gawin ng Diyos ang nararapat sa iyo at sa akin; mamamatay ka, Jonatan.”

45 Sumagot ang mga tao, “Papatayin ba si Jonatan na nanguna sa pagtatagumpay ng Israel? Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, isa mang buhok niya'y hindi malalaglag sapagkat siya ang kinasangkapan ngayon ng Diyos upang magtagumpay ang Israel.” Hindi nga pinatay si Jonatan sapagkat iniligtas siya ng mga Israelita.

46 Tinigilan na ni Saul ang paghabol sa mga Filisteo; ang mga ito nama'y bumalik na sa kanilang teritoryo.

### Ang Paghahari ni Saul at ang Kanyang Pamilya

47 Sa panahon ng paghahari ni Saul sa Israel, nakalaban niya ang lahat niyang mga kaaway sa magkabi-kabilang panig. Ito'y ang mga Moabita, Ammonita, Edomita, Sobita at mga Filisteo. Nagtatagumpay siya saanman siya mapalaban.

48 Lalong kinilala ang kanyang kapangyarihan nang talunin niya ang mga Amalekita, at patuloy na ipagtanggol ang Israel laban sa mga nagtatangkang sumakop dito.

49 Ito ang mga anak ni Saul: ang tatlong lalaki ay sina Jonatan, Isui at Melquisua; ang mga babae nama'y sina Merab at Mical.

50 Ang asawa ni Saul ay si Ahinoam na anak ni Ahimaaz. Ang pinuno ng kanyang hukbo ay si Abner na anak ng tiyo niyang si Ner

51 na kapatid ng ama niyang si Kish at anak naman ni Abiel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

52Sa buong panahon ng paghahari ni Saul, naging mahigpitan ang labanan nila ng mga Filisteo. Kaya lahat ng lalaking makita niyang matapang at malakas ay isinasama niya sa kanyang hukbo.

## 1 Samuel 15

### Ang Pagpuksa sa Amalek at ang Pagsuway ni Saul

1Sinabi ni Samuel kay Saul, "Isinugo ako ni Yahweh upang hirangin ka bilang hari ng Israel. Kaya't pakinggan mo ang mensahe ni Yahweh.

2Ipinapasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, 'Paparusahan ko ang Amalek tulad ng ginawa niya sa Israel nang ito'y inilalabas ko sa Egipto.

3Lusubin mo ang Amalek at lipulin silang lahat. Wasakin mo ang lahat nilang ari-arian at huwag magtitira kahit isa. Patayin mo silang lahat, babae't lalaki, mula sa pinakamatanda hanggang sa sanggol. Patayin mo rin ang kanilang mga baka, tupa, kamelyo at asno."

4Kaya't tinipon ni Saul sa Telaim ang buong hukbo ng Israel. Nang bilangin niya'y umabot ito sa dalawampung libong mga kawal, bukod pa sa sampung libo buhat sa Juda.

5Pinangunahan niya ang mga ito papunta sa Lunsod ng Amalek. Nag-abang sila sa isang natuyong ilog na malapit doon at

6nagpasugo sa mga Cineo at ipinasabi niya, "Umalis na kayo riyan. Humiwalay kayo sa mga Amalekita para hindi kayo madamay sa kanila sapagkat pinagpakitaan ninyo kami ng mabuti sa aming paglalakbay mula sa Egipto." Kaya't umalis ang mga Cineo.

7Sinalakay nina Saul ang mga Amalekita at tinalo ang mga ito mula sa Avila hanggang sa Sur, sa silangan ng Egipto.

8Nilipol niya ang mga taong-bayan ngunit binihag nang buháy si Haring Agag.

9Hindi rin pinatay nina Saul ang magagandang baka, tupa at lahat ng matatabang hayop doon; ang pinatay lang nila ay lahat ng hindi na papakinabangan.

### Itinakwil si Saul Bilang Hari

10Sinabi ni Yahweh kay Samuel,

11"Nanghihinayang ako sa pagkapili ko kay Saul bilang hari sapagkat tinalikuran niya ako at sinuway ang aking mga utos." Nagalit si Samuel, at magdamag siyang nanalangin kay Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

12Kinabukasan, maaga siyang bumangon upang makipagkita kay Saul. Ngunit may nagsabi sa kanya na nagpunta ito sa Carmelo upang magpatayo ng sariling monumento, at pagkatapos ay nagtuloy sa Gilgal.

13Sumunod siya roon at nang makita siya ni Saul ay binati siya, “Pagpalain ka ni Yahweh. Sinunod kong lahat ang utos niya.”

14Itinanong ni Samuel, “Ano itong naririnig kong iyakan ng mga tupa at unga ng mga baka?”

15Sumagot si Saul, “Kinuha iyan ng mga tauhan ko sa Amalek. Kinuha nila ang pinakamainam na tupa at baka upang ihandog kay Yahweh. Ang mga walang halaga ay pinatay namin.”

16Sinabi ni Samuel, “Tumigil ka! Pakinggan mo ang sinabi sa akin ni Yahweh kagabi.” “Ano iyon?” tanong ni Saul.

17Sinabi ni Samuel, “Noong una, napakaliit pa ng tingin mo sa iyong sarili. Ngayon, ikaw ang namumuno sa Israel sapagkat pinili ka ni Yahweh at binuhusan ng langis upang maging hari.

18Inutusan ka niyang lusubin ang masamang bayan ng Amalek at mahigpit na ipinagbiling puksain ang mga ito.

19Bakit mo sinuway ang utos ni Yahweh? Bakit mo pinag-imbutan ang mga ito? Hindi mo ba alam na ang ginawa mo'y malaking kasalanan kay Yahweh?”

20Sumagot si Saul, “Sinunod ko si Yahweh. Pumunta ako sa pinapuntahan niya sa akin. Binihag ko si Agag na hari ng Amalek at nilipol ang mga Amalekita.

21Ngunit pinili ng mga tao ang pinakamaiinam sa mga tupa at baka at hindi namin pinatay kasama ng iba, sa halip ay iniuwi namin sa Gilgal upang ihandog kay Yahweh.”

22Sinabi ni Samuel, “Akala mo ba'y higit na magugustuhan ni Yahweh ang handog at hain kaysa ang pagsunod sa kanya? Mas mabuti ang pagsunod kay Yahweh kaysa paghahandog, at ang pakikinig ay higit sa haing taba ng tupa.

23Ang pagsuway sa kanya ay kasinsama ng pangkukulam, at ang katigasan ng ulo'y tulad ng pagsamba sa diyus-diyosan. Sapagkat itinakwil mo ang salita ni Yahweh, itinakwil ka rin niya bilang hari.”

24Sinabi ni Saul kay Samuel, “Nagkasala ako! Sinuway ko nga ang utos ni Yahweh at ang bilin mo sa akin. Nagawa ko ito sapagkat natakot ako sa aking mga tauhan, kaya't pinagbigyan ko ang kanilang kagustuhan.

25Ngayon ay nakikiusap ako sa iyo na patawarin mo na ang aking kasalanan at samahan mo ako sa pag-uwi upang ako'y makasamba kay Yahweh.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Sinabi ni Samuel, "Hindi kita masasamahan sapagkat sinuway mo ang utos ni Yahweh. Itinakwil ka na niya bilang hari ng Israel."

27Tumalikod si Samuel upang umalis, ngunit hinawakan ni Saul ang laylayan ng damit nito at napunit ang kapiraso nito.

28Sinabi ni Samuel kay Saul, "Sa araw na ito, tinanggal na sa iyo ni Yahweh ang pagiging hari ng Israel, at ibinigay na ito sa isang taong mas mabuti kaysa iyo.

29Ang maluwalhating Diyos ng Israel ay hindi nagsisinungaling at hindi nagbabago ng pag-iisip. Hindi siya tulad ng tao na nagbabago ng pag-iisip."

30Sumagot si Saul, "Nagkasala nga ako ngunit sa pagkakataong ito'y ipinapakiusap sa iyo, bigyan mo ako kahit kaunting karangalan sa harapan ng matatandang pinuno at ng buong bayang Israel. Samahan mo na akong bumalik upang sumamba kay Yahweh na iyong Diyos."

31Sumama si Samuel at si Saul nama'y sumamba kay Yahweh.

**Pinatay si Agag**

32Sinabi ni Samuel, "Dalhin dito si Agag, ang hari ng Amalek." Mabigat ang mga paang humarap sa kanya si Agag at nanginginig na sinabi nito, "Siguro nama'y hindi ninyo ako papatayin."

33Sumagot si Samuel, "Kung paanong nawalan ng anak ang maraming ina dahil sa iyong tabak, ang iyong ina naman ang mawawalan ngayon ng anak." At si Agag ay pinagputul-putol ni Samuel sa harap ng altar ni Yahweh sa Gilgal.

34Pagkatapos nito'y umuwi si Samuel sa Rama, si Saul naman ay sa Gibea.

35Mula noon, hindi na siya muling nakipagkita kay Saul; subalit ikinalungkot din niya ang nangyari kay Saul. Si Yahweh naman ay nanghinayang sa pagkapili niya kay Saul bilang hari.

## 1 Samuel 16

**Pinapunta kay Jesse si Samuel**

1Sinabi ni Yahweh kay Samuel, "Hanggang kailan ka malulungkot para kay Saul? Itinakwil ko na siya bilang hari ng Israel. Ngayo'y magdala ka ng langis at pumunta ka kay Jesse na taga-Bethlehem sapagkat pinili ko upang maging hari ang isa sa kanyang mga anak."

2Sumagot si Samuel, "Paano ako pupunta roon? Tiyak na papatayin ako ni Saul kapag nalaman niya ang dahilan ng pagpunta ko roon." Sinabi ni Yahweh, "Magdala ka ng isang dumalagang baka at sabihin mong maghahandog ka kay Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3 Anyayahan mo si Jesse sa paghahandog at ituturo ko sa iyo kung ano ang gagawin mo at kung sino ang papahiran mo ng langis.”

4 Sinunod ni Samuel ang utos sa kanya ni Yahweh; nagpunta nga siya sa Bethlehem. Siya'y sinalubong ng matatandang pinuno sa lunsod at nanginginig na nagtanong, “Sa ikabubuti ba namin ang inyong pagparito?”

5 “Oo,” sagot niya. “Naparito ako upang maghandog kay Yahweh. Ihanda ninyo ang inyong sarili at sumama kayo sa akin.” Pinahanda rin niya si Jesse at ang mga anak nito, at inanyayahan din sila sa paghahandog.

6 Nang makarating na sila, nakita ni Samuel si Eliab. Pinagmasdan niya ito at sinabi sa sarili, “Ito na nga ang pinili ni Yahweh para maging hari.”

7 Ngunit sinabi sa kanya ni Yahweh, “Huwag mong tingnan ang kanyang taas at kakisigan sapagkat hindi siya ang pinili ko. Si Yahweh'y hindi tumitingin nang katulad ng pagtingin ng tao. Panlabas na anyo ang tinitingnan ng tao ngunit sa puso tumitingin si Yahweh.”

8 Pagkaraan ni Eliab, tinawag ni Jesse si Abinadab at pinaraan din ito sa harapan ni Samuel. Ngunit sinabi ni Samuel, “Hindi rin siya ang pinili ni Yahweh.”

9 Tinawag ni Jesse si Samma, ngunit sinabi rin ni Samuel na hindi ito ang pinili ni Yahweh.

10 Isa-isang tinawag ni Jesse ang pito niyang anak ngunit wala sa kanila ang pinili ni Yahweh.

11 Kaya't tinanong ni Samuel si Jesse, “Mayroon ka pa bang anak na wala rito?” “Mayroon pang isa; ang bunso na nagpapastol ng mga tupa,” sagot ni Jesse. Sinabi ni Samuel, “Ipasundo mo siya. Hindi natin sisimulan ang paghahandog hangga't hindi siya dumarating.”

**Pinili si David**

12 At sinundo nga ang anak na ito ni Jesse. Siya'y makisig na binatilyo, malusog at maganda ang mga mata. At sinabi ni Yahweh kay Samuel, “Siya ang pinili ko; buhusan mo siya ng langis.”

13 Kinuha ni Samuel ang sungay na sisidlan ng langis, at binuhusan niya si David ng langis sa harapan ng kanyang mga kapatid. At nilukuban si David ng Espiritu ni Yahweh. Mula noon, sumakanya na ang Espiritu ni Yahweh. Pagkatapos, si Samuel ay bumalik naman sa Rama.

**Naglingkod si David kay Saul**

14 Samantala, ang Espiritu ni Yahweh ay umalis na kay Saul at sa pahintulot ni Yahweh, isang masamang espiritu naman ang nagpahirap kay Saul.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Sinabi sa kanya ng kanyang mga lingkod, "Pinahihirapan kayo ng isang masamang espiritu galing sa Diyos.

16Kung gusto po ninyo, ihahanap namin kayo ng isang taong mahusay tumugtog ng alpa. Kapag pinahihirapan kayo ng masamang espiritu, patugtugin ninyo siya upang maaliw kayo."

17Sinabi ni Saul, "Sige, ihanap ninyo ako."

18Isa sa mga lingkod na naroon ang nagsabi, "Si Jesse na isang taga-Bethlehem ay may isang anak na magaling tumugtog. Siya po ay matapang na mandirigma, mahusay magsalita at magandang lalaki. Nasa kanya si Yahweh."

19Kaya't nagpadala ng mga sugo si Saul kay Jesse at ipinasabi, "Papuntahin mo sa akin ang anak mong si David, ang pastol ng iyong mga tupa."

20Ganoon nga ang ginawa ni Jesse. Pinagdala pa niya si David ng isang sisidlang puno ng alak, isang batang kambing at isang asnong may kargang tinapay upang ibigay kay Saul.

21Naglingkod si David kay Saul at nagustuhan naman niya ito, kaya ito'y ginawa niyang tagapagdala ng kanyang sandata.

22Ipinasabi ni Saul kay Jesse, "Bayaan mong maglingkod sa akin si David sapagkat napamahal na siya sa akin."

23At tuwing dumarating kay Saul ang masamang espiritu mula sa Diyos, kinukuha ni David ang alpa at tinutugtugan niya ang hari. Si Saul naman ay naaaliw; umaalis sa kanya ang masamang espiritu at siya'y gumagaling.

## 1 Samuel 17

### Ang Hamon ni Goliat

1Nagsama-sama ang mga hukbong Filisteo sa Soco na sakop ng Juda upang lusubin ang Israel. Nagkampo sila sa Efes-Dammim na nasa pagitan ng Soco at Azeka.

2Si Saul naman at ang mga Israelita ay nagkampo sa may libis ng Ela, at doo'y naghanda sila sa pakikipaglaban sa mga Filisteo.

3Magkaharap ang dalawang pangkat: ang mga Filisteo'y nasa isang burol, at nasa kabila naman ang mga Israelita; isang libis ang nakapagitan sa kanila.

4Isang pangunahing mandirigma ang lumabas mula sa kampo ng mga Filisteo. Ang pangalan niya'y Goliat, at siya'y mula sa lunsod ng Gat. Ang kanyang taas ay halos tatlong metro. Hinamon niya ang mga Israelita na makipaglaban sa kanya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Tanso ang kanyang helmet, gayundin ang kanyang kasuotang pandigma na tumitimbang ng 57 kilo.

6Tanso rin ang nakabalot sa kanyang binti at hita, pati ang tabak na nakasakbat sa kanyang balikat.

7Ang hawakan ng sibat niya'y napakalaki at ang bakal naman na tulis nito ay tumitimbang ng dalawampung libra. Nasa unahan niya ang tagadala ng kanyang kalasag.

8Sumigaw si Goliat sa mga Israelita, "Bakit nakahanay kayong lahat diyan para lumaban? Ako'y isang Filisteo at kayo nama'y mga alipin ni Saul. Pumili na lang kayo ng ilalaban sa akin.

9Kapag ako'y natalo, alipinin ninyo kaming lahat; ngunit kapag siya naman ang natalo, kayo ang aalipinin namin.

10Hinahamon ko ngayon ang hukbo ng Israel. Pumili kayo ng ilalaban ninyo sa akin!"

11Nang marinig ito ni Saul at ng mga Israelita, nanghina ang kanilang loob at sila'y natakot.

**Si David sa Kampo ni Saul**

12Si David ay anak ni Jesse na isang Efratita mula sa Bethlehem, Juda. Nang panahong iyon, si Jesse ay mahina na dahil sa katandaan. Walo ang anak niyang lalaki; si David ang pinakabata.

13Sina Eliab, Abinadab at Samma, ang tatlong pinakamatatanda niyang anak ay kasama ni Saul sa labanan.

14Habang sila'y kasama ni Saul, ang bunso namang si David

15ay pabalik-balik kay Saul at sa Bethlehem para alagaan ang mga tupa ng kanyang ama.

16Sa loob ng apatnapung araw, umaga't hapong hinahamon ni Goliat ang mga Israelita.

17Isang araw, inutusan ni Jesse si David, "Anak, dalhin mo agad itong limang salop ng sinangag na trigo at sampung tinapay sa iyong mga kapatid na nasa kampo.

18Ibigay mo naman ang sampung hiwang kesong ito sa pinuno nila. Tingnan mo na rin ang kalagayan nila at ibalita mo sa akin. Mag-uwi ka ng kahit anong bagay na makapagpapatunay na galing ka nga roon."

19Ang tatlong anak ni Jesse ay kasama nga ni Saul at ng mga Israelita sa libis ng Ela at nakikipaglaban sa mga Filisteo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Kinabukasan, maagang bumangon si David. Ipinagbilin niya sa iba ang mga tupang inaalagaan at nagpunta sa lugar ng labanan, dala ang pagkaing ipinabibigay ng kanyang ama. Nang dumating siya sa kampo, palusob na ang buong hukbo at isinisigaw ang kanilang sigaw pandigma.

[21]Nagharap na ang mga pangkat ng Israelita at ng mga Filisteo.

[22]Iniwan ni David sa tagapag-ingat ng kagamitan ang kanyang dala at tumuloy siya sa lugar ng labanan upang kumustahin ang kanyang mga kapatid.

[23]Samantalang sila'y nag-uusap, tumayo na naman si Goliat sa unahan ng mga Filisteo at muling hinamon ang mga Israelita. Narinig ito ni David.

[24]Nang makita si Goliat, ang mga Israelita ay nagtakbuhan dahil sa matinding takot.

[25]Sinabi nila, “Tingnan ninyo siya! Pakinggan ninyo ang kanyang hamon sa Israel! Sinumang makapatay sa kanya ay gagantimpalaan ng hari: bibigyan ng kayamanan, ipakakasal sa prinsesa, at ang buong sambahayan ng kanyang ama ay hindi na pagbabayarin pa ng buwis.”

[26]Tinanong ni David sa mga katabi niya, “Ano raw ang gantimpala sa sinumang makakapatay sa Filisteong iyan at sa makakapag-alis ng kahihiyan sa Israel? At sino ba ang paganong ito na humahamon sa hukbo ng Diyos na buháy?”

[27]“Tulad ng narinig mo, ganoon ang gagawin ng hari sa makakapatay sa Filisteong iyan,” sagot ng mga kausap niya.

[28]Narinig ni Eliab, ang panganay na kapatid ni David ang pakikipag-usap niya sa mga kawal. Nagalit ito kay David at sinabi, “Anong ginagawa mo rito? At kanino mo iniwan ang iilang tupa na pinapaalagaan sa iyo? Alam ko kung anong nasa isip mo! Gusto mo lang manood ng labanan.”

[29]Sumagot si David, “Bakit, ano ba ang ginawa ko? Masama bang magtanong?”

[30]Tinalikuran niya si Eliab at nagtanong sa iba, ngunit ganoon din ang sagot sa kanya.

[31]Nakarating kay Saul ang mga sinabi ni David at ipinatawag niya ito.

[32]Pagdating kay Saul, sinabi ni David, “Hindi po tayo dapat masiraan ng loob dahil lang sa Filisteong iyon. Ako po ang lalaban sa kanya.”

[33]Sinabi ni Saul, “Hindi mo kaya ang Filisteong iyon! Batambata ka pa, samantalang siya'y isang mahusay na mandirigma mula pa sa kanyang kabataan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

34Ngunit sinabi ni David kay Saul, “Ako po ang nag-aalaga sa kawan ng aking ama. Kapag ang isa sa mga tupang inaalagaan ko ay tinatangay ng leon o oso,

35hinahabol ko po ito at inaagaw ang tupa. Kapag hinarap ako ng leon o ng oso, hinahawakan ko ito sa panga at pinapatay.

36Nakapatay na po ako ng mga leon at mga oso. Isasama ko po sa mga ito ang Filisteong iyon sapagkat ang nilalait niya'y ang hukbo ng Diyos na buháy.”

37Idinugtong pa ni David, “Iniligtas ako ni Yahweh mula sa mga mababangis na leon at mga oso. Ililigtas din niya ako sa kamay ng Filisteong iyon.” Kaya't sinabi ni Saul, “Kung gayon, labanan mo siya at samahan ka nawa ni Yahweh.”

38At ipinasuot niya kay David ang kanyang kasuotang pandigma: ang helmet at ang tansong pambalot sa katawan.

39Nang maisakbat na ni David ang tabak ni Saul at sinubukang lumakad, hindi siya halos makahakbang sapagkat hindi siya sanay sa ganoong kasuotan. Kaya sinabi niya kay Saul, “Hindi ko na po gagamitin ang mga ito.” At hinubad niya ang nasabing kasuotang pandigma.

40Pagkatapos, dinampot niya ang kanyang tungkod. Namulot siya ng limang makikinis na bato sa sapa, inilagay sa kanyang supot na pampastol at lumakad upang harapin si Goliat.

**Natalo ni David si Goliat**

41Si Goliat naman ay lumakad ding papalapit kay David, sa hulihan ng tagadala ng kanyang panangga.

42Nang makita niyang si David ay isa lamang kabataang may maamong hitsura, nilait niya ito, at

43pakutyang tinanong, “Anong akala mo sa akin? Aso ba ang lalabanan mo at may dala kang patpat?” At si David ay sinumpa ng Filisteo sa pangalan ng kanyang diyos.

44Sinabi pa niya, “Halika nga rito at nang maipakain ko ang bangkay mo sa mga ibon at mga hayop.”

45Sumagot si David, “Ang dala mo'y tabak, sibat at pantusok, ngunit lalabanan kita sa pangalan ni Yahweh, ang Makapangyarihang Diyos ng Israel na iyong hinahamak.

46Ngayong araw na ito'y ibibigay ka ni Yahweh sa aking mga kamay! Pababagsakin kita at pupugutin ko ang ulo mo. At ipapakain ko sa mga ibon at sa mga mababangis na hayop ang mga bangkay ng mga kawal ng

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

hukbong Filisteo. Sa gayon, malalaman ng buong daigdig na may Diyos sa Israel.

47At makikita ng lahat ng narito na makakapagligtas si Yahweh kahit walang tabak at sibat. Kay Yahweh ang labanang ito at ibinigay na niya kayo sa aming mga kamay."

48Nagpatuloy ng paglapit si Goliat. Patakbo siyang sinalubong ni David sa lugar ng labanan.

49Dumukot siya ng bato sa kanyang supot at tinirador niya si Goliat. Tinamaan ito sa noo at bumaon ang bato roon. Si Goliat ay pasubsob na bumagsak sa lupa.

50Natalo nga ni David si Goliat sa pamamagitan ng tirador at bato. Napatay niya ito kahit wala siyang tabak.

51Patakbong lumapit si David, tumayo sa likod ni Goliat, hinugot ang tabak ni Goliat mula sa suksukan nito, at pinugutan ng ulo. Nang makita ng mga Filisteo na patay na ang kanilang pangunahing mandirigma, sila'y nagtakbuhan.

52Sumigaw ang mga kawal ng Israel at Juda at hinabol nila ang mga Filisteo hanggang sa Gat, sa may pagpasok ng Ekron. Naghambalang sa daan ang bangkay ng mga Filisteo, mula sa Saaraim hanggang sa Gat at Ekron.

53At nang magbalik ang mga Israelita buhat sa paghabol sa mga Filisteo, hinalughog nila ang kampo ng mga ito at kinuha ang lahat ng kanilang magustuhan.

54Dinala ni David sa Jerusalem ang ulo ni Goliat, ngunit iniuwi niya sa kanyang tolda ang mga sandata nito.

### Iniharap si David kay Saul

55Nakita ni Saul nang sinusugod ni David si Goliat. Itinanong niya sa pinuno ng kanyang hukbo, "Abner, kaninong anak ang batang iyon?" "Hindi ko po alam, Kamahalan," sagot ni Abner.

56"Kung gayo'y ipagtanong mo kung sino ang kanyang ama," utos ng hari.

57Nang magbalik si David, sinalubong siya ni Abner at sinamahan sa hari, dala pa rin ang ulo ni Goliat.

58At tinanong siya ni Saul, "Kanino kang anak, binata?" Sumagot si David, "Anak po ako ni Jesse na taga-Bethlehem."

## 1 Samuel 18

### Si David at si Jonatan

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[1]Matapos mag-usap sina Saul at David, ang kalooban ni Jonatan na anak ni Saul ay napalapit kay David. Napamahal si David kay Jonatan tulad ng pagmamahal nito sa kanyang sarili.

[2]Mula noon, hindi na pinauwi ni Saul si David.

[3]Dahil sa pagmamahal ni Jonatan kay David, isinumpa niya na sila'y magiging magkaibigan habang buhay.

[4]Ibinigay niya kay David ang kanyang balabal at kagamitang pandigma, pati ang kanyang tabak, pana at sinturon.

[5]Nagtatagumpay si David kahit saang labanan siya ipadala ni Saul, kaya siya'y ginawa nitong pinuno ng mga kawal. Ang pagkataas niya sa tungkulin ay ikinagalak ng buong Israel, mula sa pangkaraniwang mamamayan hanggang sa mga opisyal sa palasyo.

**Nainggit si Saul kay David**

[6]Matapos mapatay ni David si Goliat, nagbalik na si Haring Saul at ang kanyang mga tauhan. Sa bawat bayang madaanan nila, sinasalubong sila ng mga kababaihang umaawit at sumasayaw sa saliw ng mga tamburin at alpa.

[7]Ganito ang kanilang awit: “Pumatay si Saul ng libu-libo, si David nama'y sampu-sampung libo.”

[8]Hindi nagustuhan ni Saul ang sinasabi sa awit. Labis niya itong ikinagalit at sinabi niya, “Kung sinasabi nilang sampu-sampung libo ang pinatay ni David at ako'y libu-libo lang, kulang na lamang na siya'y kilalanin nilang hari.”

[9]At mula noon ay naging masama ang kanyang pagtingin kay David.

[10]Kinabukasan, si Saul ay muling ginambala ng masamang espiritu at naging parang baliw. Kaya, tinugtog ni David ang kanyang alpa, tulad ng ginagawa niya araw-araw. Hawak noon ni Saul ang kanyang sibat at

[11]dalawang beses niyang sinibat si David sapagkat gusto niya itong patayin, ngunit parehong nailagan iyon ni David.

[12]Si Saul ay natakot kay David sapagkat si David na ang pinapatnubayan ni Yahweh at hindi na siya.

[13]Kaya, para mapalayo ito sa kanya, ginawa niya itong pinuno ng sanlibong kawal. Pinangunahan ni David ang kanyang mga tauhan

[14]at anuman ang kanyang gawin ay nagtatagumpay siya sapagkat pinapatnubayan siya ni Yahweh.

[15]Dahil dito, lalong natakot sa kanya si Saul.

[16]Sa kabilang dako, si David ay lalong napamahal sa buong Israel at Juda dahil sa kanyang matagumpay na pamumuno.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Napangasawa ni David ang Anak ni Saul

17Minsa'y sinabi ni Saul kay David, “Ipakakasal ko sa iyo ang anak kong si Merab kung maglilingkod ka sa akin nang tapat at buong giting mong ipagtatanggol ang bayan ng Diyos.” Ngunit ang talagang nais niya ay mapatay ng mga Filisteo si David upang mawala na ito sa kanyang landas.

18Sumagot si David, “Sino ang aking mga magulang at sino ako upang maging manugang ng hari?”

19Ngunit nang dumating ang araw na dapat tuparin ni Saul ang pangako niya kay David, ipinakasal niya si Merab kay Adriel na taga-Meholat.

20Si Saul ay may isa pang anak na babae, si Mical. Umiibig siya kay David at natuwa si Saul nang malaman ito.

21Sa loob-loob niya, “Si Mical ang gagamitin ko upang maipapatay ko si David sa mga Filisteo.” Kaya't muli niyang sinabi kay David, “Ngayo'y talagang magiging manugang na kita.”

22Kinausap pa ni Saul ang kanyang mga tauhan sa palasyo upang hikayatin si David. Ipinasabi niya, “Gustung-gusto ka ng hari, pati ng kanyang mga tauhan, kaya pumayag ka nang maging manugang niya.”

23Nang marinig ito ni David, sumagot siya, “Maaari ba akong maging manugang ng hari gayong ako'y mahirap lamang at walang maipagmamalaki?”

24Sinabi nila kay Saul ang sagot ni David.

25Ipinasabi naman uli ni Saul, “Sabihin ninyo na wala akong hihinging dote kundi sandaang balat na pinagtulian ng mga Filisteo bilang paghihiganti sa kaaway.” Iniisip ni Saul na ito na ang pagkakataong mapatay ng mga Filisteo si David.

26Nang marinig niya ito, natuwa siya sapagkat kung magawâ niya ito ay maaari na siyang maging manugang ng hari. At bago dumating ang takdang araw,

27nilusob niya at ng kanyang mga tauhan ang mga Filisteo at nakapatay sila ng dalawandaan. Ang mga balat na pinagtulian ng mga ito'y dinala niya sa hari. Dahil dito, ipinakasal sa kanya si Mical.

28Lalong naniwala si Saul na si David ay pinapatnubayan ni Yahweh at nakita niya kung gaano ito kamahal ng anak niyang si Mical.

29Kaya't lalong natakot si Saul kay David. Mula noon, itinuring na niya itong kaaway.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Si David ay nagtatagumpay tuwing makikipaglaban sa mga Filisteo. At sa lahat ng tauhan ni Saul, siya ang nagkamit ng pinakamaraming tagumpay. Kaya, lalo siyang napatanyag.

# 1 Samuel 19

### Namagitan si Jonatan kay Saul para kay David

1Minsan, nasabi ni Saul sa anak niyang si Jonatan at sa kanyang mga tauhan ang balak niyang pagpatay kay David. Ngunit mahal ni Jonatan si David, kaya sinabi niya rito ang balak ng kanyang ama.

2Ang sabi niya, “Pinagbabalakan kang patayin ng aking ama. Bukas ng umaga, magtago ka sa isang lihim na lugar.

3Yayayain ko naman ang aking ama sa may pinagtataguan mo at kakausapin ko tungkol sa iyo. Pagkatapos naming mag-usap sasabihin ko agad sa iyo ang anumang sasabihin niya.”

4Kinausap nga ni Jonatan ang kanyang ama tungkol kay David. “Ama, huwag po sana ninyong gawan ng masama si David sapagkat wala naman siyang ginagawang masama sa inyo. Sa halip, malaki nga ang pakinabang ninyo sa kanya.

5Itinaya niya ang kanyang buhay nang harapin niya si Goliat at niloob naman ni Yahweh na magtagumpay siya para sa Israel. Alam ninyo ito at inyo pang ipinagdiwang. Bakit ninyo gustong patayin ang isang taong walang kasalanan? Bakit gusto ninyong patayin si David nang wala namang sapat na dahilan?”

6Dahil dito, nagbago ng isip si Saul. Sinabi niya, “Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, hindi ko na siya papatayin.”

7Ang sagot na ito ng hari ay sinabi naman ni Jonatan kay David. Isinama pa siya ni Jonatan sa hari, at tulad ng dati, pinaglingkuran niya ito.

### Iniligtas ni Mical si David

8Muling nagkaroon ng labanan ang mga Israelita at mga Filisteo. Sinalakay ni David ang mga Filisteo at natalo niya ang mga ito, kaya ang mga natirang buháy ay nagsitakas.

9Minsan, muling nilukuban si Saul ng isang masamang espiritu mula kay Yahweh. Nakaupo si Saul noon at hawak ang kanyang sibat samantalang si David ay tumutugtog ng alpa.

10Walang anu-ano'y sinibat niya si David ngunit nakailag ito at ang sibat ay tumusok sa dingding. Dahil dito, patakbong tumakas si David.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Kinagabihan, pinabantayan ni Saul ang bahay ni David dahil balak niyang patayin ito kinabukasan. Kaya't sinabi ni Mical, “David, tumakas ka ngayong gabi, kung hindi'y papatayin ka nila bukas.”

12At pinaraan niya ito sa bintana para makatakas.

13Pagkatapos, kinuha ni Mical ang isang rebultong nasa bahay at siyang inihiga sa kanilang higaan. Ang ulo nito'y binalutan niya ng balahibo ng kambing, saka kinumutan.

14Nang dumating ang mga inutusan ni Saul upang kunin si David, sinabi ni Mical, “May sakit siya.”

15Pinabalik ni Saul ang kanyang mga sugo at pinagbilinan ng ganito, “Buhatin ninyo pati higaan niya at ako ang papatay sa kanya.”

16Nagbalik nga ang mga sugo ni Saul ngunit ang nakita nila sa higaan ay ang rebultong may buhok na balahibo ng kambing.

17Tinawag ni Saul si Mical, “Bakit mo ako nilinlang? Bakit mo pinatakas ang aking kaaway?” Sumagot si Mical, “Papatayin niya ako kung hindi ko siya pinabayaang tumakas.”

18Tumakas nga si David at nagpunta kay Samuel sa Rama. Sinabi niya rito ang lahat ng ginawa sa kanya ni Saul. Sumama siyang umuwi kay Samuel sa Nayot at doon nanirahan.

19May nagsabi kay Saul, “Si David ay nasa Nayot sa Rama.”

20Muling nagsugo ito ng mga tauhan upang hulihin si David. Ngunit nang makita ng mga sugo ni Saul ang mga propetang nagsisigawan at nagsasayawan sa pangunguna ni Samuel, nilukuban din sila ng Espiritu ng Diyos at sila'y nagsipagsigawan at nagsipagsayawan na tulad din ng mga propeta.

21Nang mabalitaan ito ni Saul, nagsugo siya ng isa pang pangkat ngunit natulad rin ito sa una. Nang magsugo naman siya ng pangatlong pangkat, ganoon din ang nangyari.

22Nang magkagayon, siya na mismo ang nagpunta sa Rama. Pagdating niya sa may malaking balon sa Secu, ipinagtanong niya kung saan makikita sina Samuel at David. Sinabi ng napagtanungan na sila'y nasa Nayot ng Rama.

23Kaya't nagpunta siya sa Rama. Subalit habang siya'y naglalakbay papuntang Nayot, nilukuban siya ng Espiritu ng Diyos. At siya'y nagsasayaw at nagsisigaw na tulad ng propeta hanggang sa makarating ng Nayot.

24Pagdating doon, hinubad niya ang kanyang kasuotan, nagsisigaw at nagsasayaw sa harapan ni Samuel. Dahil dito, nagsimula ang kasabihang, “Propeta na rin ba si Saul?”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 1 Samuel 20

### Ang Sumpaan nina David at Jonatan

1Si David ay tumakas sa Nayot ng Rama at nakipagkita kay Jonatan. Itinanong niya rito, “Ano ba ang nagawa kong masama? Ano ba ang kasalanan ko at nais akong patayin ng iyong ama?”

2Sumagot si Jonatan, “Hindi totoo iyan. Hindi ka na niya papatayin. Anumang balak niya ay sinasabi sa akin bago niya isagawa, at wala siyang nabanggit tungkol sa sinasabi mo. Kaya hindi ako naniniwalang gagawin niya iyon.”

3Sinabi ni David, “Hindi lamang niya sinasabi sa iyo sapagkat alam niyang magdaramdam ka dahil matalik tayong magkaibigan. Ngunit saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, alam ko ring ako'y nakabingit sa kamatayan.”

4Sinabi naman ni Jonatan, “Sabihin mo kung ano ang gusto mong gawin ko para sa iyo.”

5Sumagot siya, “Bukas ay Pista ng Bagong Buwan, at dapat akong kumaing kasalo ng hari. Ngunit magtatago ako sa bukid hanggang sa ikatlong araw.

6Kapag hinanap niya ako, sabihin mong nagpaalam ako sa iyo dahil ang pamilya namin ay may taunang paghahandog ngayon sa Bethlehem.

7Kapag hindi siya nagalit, wala nga siyang masamang balak laban sa akin. Ngunit kapag nagalit siya, nais nga niya akong patayin.

8Hinihiling ko sa iyong tapatin mo ako alang-alang sa ating sumpaan sa harapan ni Yahweh. Kung may nagawa akong kasalanan, ikaw na ang pumatay sa akin! Huwag mo na akong iharap sa hari.”

9Sinabi ni Jonatan, “Hindi mangyayari iyon! Sasabihin ko kung may masamang balak sa iyo ang aking ama.”

10Itinanong ni David, “Paano ko malalaman kung masama ang kanyang sagot?”

11Sumagot si Jonatan, “Sumama ka sa akin sa bukid.”

12Pagdating doon, sinabi ni Jonatan, “Naririnig ako ni Yahweh. Bukas o sa makalawa, sa ganito ring oras, kakausapin ko ang aking ama at malalaman ko kung galit pa nga siya sa iyo.

13Kung galit, ipapaalam ko sa iyo para makalayo ka. Parusahan ako ni Yahweh kapag hindi ko ginawa ito. Patnubayan ka nawa ni Yahweh tulad ng pagpatnubay niya sa aking ama.

14Kung buháy pa ako sa araw na iyon, huwag mong kakalimutan ang ating pangako sa isa't isa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

[15]Kung ako nama'y patay na, huwag mo sanang pababayaan ang aking sambahayan. Kung dumating ang araw na lipulin na ni Yahweh ang iyong mga kaaway,

[16]huwag ka sanang sisira sa ating pangako. Parusahan sana ni Yahweh ang mga kaaway ni David."

[17]Hiniling ni Jonatan na muling mangako si David na sila'y magiging tapat sa isa't isa. Minahal siya ni Jonatan tulad ng pagmamahal nito sa sarili.

[18]At sinabi ni Jonatan kay David, "Bukas ay Pista ng Bagong Buwan; tiyak na hahanapin ka kapag wala ka sa iyong upuan.

[19]Sa makalawa, magtago kang muli sa pinagtataguan mo noon, sa tabi ng malaking bunton ng bato.

[20]Kunwari ay may pinapana ako roon. Tatlong beses akong tutudla sa tabi ng taguan mo.

[21]Pagkatapos, ipapahanap ko iyon sa isa kong utusan. Kapag narinig mong sinabi ko, 'Nasa gawi rito ang mga palaso,' lumabas ka sa pinagtataguan mo. Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, tiyak na wala nang panganib.

[22]Ngunit kapag sinabi kong, 'Nasa gawi pa roon,' tumakas ka na sapagkat iyon ang nais ni Yahweh.

[23]At tungkol naman sa ating pangako sa isa't isa, si Yahweh ang ating saksi."

[24]Nagtago nga si David sa lugar na pinag-usapan nila ni Jonatan. Nang dumating ang Pista ng Bagong Buwan, dumulog sa hapag si Haring Saul at naupo

[25]sa dati niyang upuan, sa tabi ng dingding. Katapat niya si Jonatan at katabi naman si Abner, ngunit si David ay wala sa kanyang upuan.

[26]Nang araw na iyon, hindi pinansin ni Saul ang pagkawala ni David sapagkat inisip niyang maaaring may malaking dahilan o baka hindi ito malinis ayon sa kautusan.

[27]Ngunit kinabukasan, wala pa rin si David kaya tinanong niya si Jonatan, "Bakit mula kahapon ay hindi natin nakakasalo si David?"

[28]Sumagot si Jonatan, "Nagpaalam po siya sa akin kahapon at uuwi raw sa Bethlehem.

[29]May taunang paghahandog daw ang kanilang sambahayan at pinapauwi siya ng kanyang mga kapatid. Kung maaari raw ay payagan ko siya para makita ang kanyang mga kamag-anak. Kaya po hindi natin siya kasalo ngayon."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Nang marinig ang sinabi ni Jonatan, galit na galit niyang sinabi, "Isa kang suwail na anak! Ngayon ko natiyak na kampi ka kay David. Hindi mo ba alam na inilalagay mo sa kahihiyan ang iyong sarili, pati na rin ang iyong ina?

31Dapat mong malamang hangga't buháy ang David na iyan ay hindi mapapasaiyo ang kahariang ito? Lumakad ka ngayon, ipahuli mo siya at iharap sa akin para mapatay ko."

32Sumagot si Jonatan, "Ano po ba ang kasalanan niya at dapat siyang patayin?"

33Sa galit ni Saul, sinibat niya si Jonatan. Kaya't natiyak nitong talagang gustong patayin ni Saul si David.

34Galit na umalis si Jonatan. Hindi siya kumain nang araw na iyon dahil sa sama ng loob sa ginawang paghamak ni Saul kay David.

35Kinaumagahan, nagpunta siya sa bukid na pinag-usapan nila ni David, kasama ang isa niyang lingkod na batang lalaki.

36Sinabi niya rito, "Hanapin mo itong pawawalan kong palaso." Patakbong sumunod ang utusan at pinawalan ni Jonatan ang kanyang palaso sa unahan nito.

37Pagdating sa lugar na binagsakan ng palaso, humiyaw si Jonatan, "Nasa gawi pa roon."

38Idinugtong pa niya, "Dalian mo, huwag ka nang magtagal diyan." At nang makuha ng bata ang palaso, dali-dali itong nagbalik kay Jonatan.

39Wala siyang kaalam-alam sa pangyayari ngunit nagkakaintindihan na sina David at Jonatan.

40Pagkatapos, ang mga sandata ni Jonatan ay ipinauwi na niya sa kanyang batang lingkod.

41Nang makaalis ito, lumabas si David sa kanyang pinagtataguan at tatlong beses na yumuko na ang mukha'y sayad sa lupa. Kapwa sila lumuluha at hinagkan ang isa't isa. Hindi na mapigil ni David ang sarili at siya'y humagulgol.

42Pagkaraan ng ilang sandali, sinabi ni Jonatan, "Sige, lumakad ka na. Samahan ka nawa ng Diyos. Tulungan nawa tayo ni Yahweh na huwag masira ang ating pangako sa isa't isa, pati ang ating mga susunod na salinlahi magpakailanman." At naghiwalay silang dalawa. Umalis na si David at umuwi naman sa lunsod si Jonatan.

## 1 Samuel 21

### Nagpunta si David sa Nob

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1 Si David ay nagpunta sa Nob at nagtuloy siya sa paring si Ahimelec. Sinalubong siya nito at nanginginig na tinanong, “Wala kang kasama? Bakit ka nag-iisa?”

2 Sumagot si David, “Inutusan ako ng hari at ayaw niyang ipasabi kahit kanino. Iniwan ko ang aking mga kasama. Nagpapahintay ako doon sa kanila.

3 Ano bang makakain diyan? Bigyan mo ako ng limang tinapay o kahit anong nariyan.”

4 Sinabi ng pari, “Walang tinapay dito kundi ang panghandog. Maaari ko itong ibigay sa inyo kung ang mga kasamahan mo'y hindi sumiping sa babae bago magpunta rito.”

5 Sumagot si David, “Ang totoo, hindi kami sumisiping sa babae kapag may lakad kami, kahit pangkaraniwan lamang, ngayon pa kaya na di karaniwan ang lakad namin?”

6 At ibinigay ng pari kay David ang tinapay na panghandog sa harapan ni Yahweh upang ang mga ito'y palitan ng bago sa araw na iyon.

7 Nagkataong naroon si Doeg na Edomita, ang pinakapuno sa mga pastol ni Saul, upang sumamba kay Yahweh.

8 Tinanong pa ni David si Ahimelec, “Wala ka bang sibat o tabak diyan? Hindi ako nakapagdala kahit anong sandata sapagkat madalian ang utos ng hari.”

9 Sumagot ang pari, “Ang tabak lamang ng Filisteong si Goliat na pinatay mo ang narito; nababalot ng damit at nakatago sa likod ng efod na nakasabit. Kunin mo kung gusto mo.” “Iyan ang pinakamainam. Ibigay mo sa akin,” sabi ni David.

10 Nang araw na iyon, si David ay nagpatuloy ng pagtakas kay Haring Saul at siya'y nagpunta kay Aquis na hari ng Gat.

11 Ngunit nakilala siya ng mga tauhan ni Aquis at sinabi nila, “Di ba't iyan si David na hari sa kanyang bayan? Siya ang tinutukoy ng mga mananayaw sa awit nilang, ‘Pumatay si Saul ng libu-libo, si David nama'y sampu-sampung libo.’”

12 Pinag-isipang mabuti ni David ang usapang ito, at siya'y natakot sa maaaring gawin sa kanya ni Haring Aquis.

13 Kaya't nagkunwari siyang baliw nang siya'y hulihin. Nagsusulat siya sa mga pader ng pintuang-bayan at hinahayaang tumulo ang kanyang laway.

14 Kaya, sinabi ni Aquis sa kanyang mga tagapaglingkod, “Bakit iniharap ninyo iyan sa akin, hindi ba ninyo nakikita't baliw?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Masakit na ang ulo ko sa dami ng baliw dito. Bakit idinagdag pa ninyo 'yang isang iyan? Ilayo ninyo iyan!"

## 1 Samuel 22

### Ang Pagtakas ni David sa Adullam

1Mula sa Gat, tumakas si David at nagtago sa kuweba ng Adullam. Nabalitaan ito ng kanyang mga kapatid at ng kanyang buong pamilya kaya silang lahat ay nagpunta roon at sumama sa kanya.

2Sumama rin sa kanya ang mga inaapi, pati ang mga nakalubog sa utang, at ang mga hindi nasisiyahan sa kanilang pamumuhay. Ang lahat ng ito'y umabot sa apatnaraang lalaki, at siya ang ginawa nilang pinuno.

3Mula roon, nagtuloy sila sa Mizpa ng Moab. Sinabi niya sa hari doon, "Ipinapakiusap ko po na pabayaan muna ninyo rito sa Moab ang aking mga magulang hangga't hindi ko tiyak kung ano ang gagawin sa akin ng Diyos."

4Ipinagkatiwala nga niya ang kanyang mga magulang sa hari ng Moab at ang mga ito'y nanatili roon habang nagtatago si David sa kuweba.

5Sinabi ni Propeta Gad kay David, "Huwag kang manatili rito, magpunta ka sa sakop ng Juda." Sumunod naman si David at siya'y nagpunta sa kagubatan ng Heret.

6Nabalitaan ni Saul kung saan nagtatago si David at ang mga kasama nito. Nakaupo siya noon sa ilalim ng punong tamarisko sa ibabaw ng isang burol sa Gibea; hawak niya ang kanyang sibat at nakapaligid sa kanya ang kanyang mga tauhan.

7Sinabi niya sa mga ito, "Sagutin ninyo ako sa itatanong ko sa inyo, mga Benjaminita. Mabibigyan ba kayo ni David ng kahit isang pirasong bukid o ubasan? Gagawin ba niya kayong mga opisyal ng kanyang hukbo?

8Bakit kayo nakikipagsabwatan sa kanya laban sa akin? Bakit isa man sa inyo'y walang nagsabi sa akin tungkol sa kasunduan ng anak kong si Jonatan at ni David? Bakit isa ma'y walang nakapagsabi sa akin tungkol sa pakikiisa ni Jonatan kay David laban sa akin?"

9Sumagot si Doeg, isa sa mga tauhan ni Saul, "Nakita ko po si David nang magpunta sa Nob, kay Ahimelec na anak ni Ahitob.

10Sumangguni pa si Ahimelec kay Yahweh para kay David at binigyan pa ito ng pagkain; ibinigay rin dito ang espada ni Goliat."

### Ang Pagpatay sa mga Pari

11Ipinatawag ng hari si Ahimelec at ang lahat ng kasambahay nito, na pawang mga pari sa Nob; humarap sila sa hari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Tinawag ni Saul si Ahimelec at kanyang sinabi, "Ahimelec, makinig ka."
"Nakikinig po ako, mahal na hari," sagot ni Ahimelec.

13Sinabi ni Saul, "Bakit ka nakipagsabwatan kay David laban sa akin? Bakit mo siya binigyan ng sandata at pagkain? Bakit mo siya isinangguni sa Diyos? Hindi mo ba alam na pinagtatangkaan niya ako ng masama?"

14Sumagot si Ahimelec, "Hindi po ba si David ay manugang ninyo at pinakamatapat ninyong tauhan? Hindi po ba siya ang pinakapuno sa inyong mga kawal at iginagalang ng lahat sa buong kaharian?

15At ngayon ko lamang po ba siya isinangguni sa Diyos? Huwag po kayong magalit sa amin, mahal na hari. Wala po kaming nalalaman sa ibinibintang ninyo sa amin."

16Sinabi ni Saul, "Mamamatay ka ngayon, Ahimelec, pati ang iyong buong angkan."

17At inutusan ng hari ang mga tauhan na malapit sa kanya, "Patayin ninyo ang mga pari ni Yahweh! Kasabwat sila ni David. Alam nila nang ito'y tumakas ngunit hindi sinabi sa akin." Ngunit ayaw sumunod ang mga inutusan sapagkat natatakot silang pagbuhatan ng kamay ang mga pari ni Yahweh.

18Kaya, si Doeg ang inutusan ni Saul, "Ikaw ang pumatay sa kanila." Sumunod naman si Doeg at nang araw na iyon, pinatay niya ang walumpu't limang paring nakasuot ng efod.

19At ipinapatay rin ni Saul ang lahat ng mga taga-Nob, isang lunsod ng mga pari: mga babae't lalaki, ang mga bata at mga sanggol, ang mga baka, asno at mga tupa.

20Ngunit nakatakas si Abiatar na anak ni Ahimelec, at siya'y nagpunta kay David.

21Ibinalita niya rito na ipinapatay ni Saul ang lahat ng mga pari ni Yahweh.

22Sinabi ni David kay Abiatar, "Nakita ko noon si Doeg at noon pa'y alam ko nang magsusumbong siya kay Saul na ako'y nakita niya roon. Ako tuloy ang naging dahilan ng pagkalipol ng iyong angkan.

23Ngunit huwag kang matakot. Sumama ka na sa amin dahil iisa ang nagtatangka sa buhay nating dalawa. Dito ay ligtas ka."

## 1 Samuel 23

### Umalis si David sa Keila

1Dumating ang araw na sinalakay ng isang pangkat ng mga Filisteo ang Keila at sinamsam ang trigo sa giikan. Nalaman ito ni David

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2kaya siya'y sumangguni kay Yahweh, “Lalabanan ko po ba ang mga Filisteong ito?” “Oo,” sagot ni Yahweh. “Labanan mo sila at iligtas mo ang Keila.”

3Ngunit sinabi ng mga kawal kay David, “Kung kay Saul lang ay takot tayo, kaya tayo nagtatago dito sa Juda, paano natin malalabanan ang napakaraming Filisteong ito?”

4Kaya't muling sumangguni si David kay Yahweh. Ang sagot naman sa kanya, “Pumunta kayo sa Keila at pagtatagumpayin ko kayo laban sa mga Filisteo.”

5Kaya't nagpunta si David at ang kanyang mga tauhan sa Keila at nilabanan ang mga Filisteo. Marami silang napatay sa mga ito; sinamsam nila ang mga kawan at nailigtas ni David ang bayan ng Keila.

6Nang si Abiatar ay tumakas at magpunta kay David sa Keila, dala niya ang efod.

7Nabalitaan naman ni Saul na si David ay nasa Keila at sinabi nito, “Sa wakas, niloob din ng Diyos na mahulog sa mga kamay ko si David sapagkat pumasok siya sa isang lugar na napapaligiran ng pader at bakal ang mga pintuan.”

8Tinipon niya ang lahat niyang tauhan at pinapunta sa Keila upang palibutan si David at ang mga tauhan nito.

9Nalaman ito ni David kaya sinabi niya sa paring si Abiatar, “Dalhin mo rito ang efod.”

10At sumangguni siya sa Diyos, “Yahweh, Diyos ng Israel, nabalitaan ko pong wawasakin ni Saul ang Keila sapagkat nalaman niyang narito ako.

11Totoo po ba ito? Pababayaan po kaya ng mga taga-Keila na dakpin ako ni Saul? Isinasamo ko po, Yahweh, Diyos ng mga Israelita, na sagutin n'yo ako sa bagay na ito.” Sumagot si Yahweh, “Oo, lulusubin nga ni Saul ang Keila.”

12Nagtanong muli si David, “Pababayaan po ba ng mga taga-Keila na ako'y dakpin ni Saul, pati ang aking mga kasama?” “Oo, pababayaan nila kayo,” sagot ni Yahweh.

13Dahil dito, iniutos niya sa kanyang mga tauhan na noo'y halos animnaraang katao na umalis na doon at magpalipat-lipat ng lugar. Nang malaman ni Saul na si David ay nakatakas, hindi na niya itinuloy ang balak na pagsalakay sa Keila.

**Si David sa Ilang**

14Si David ay nagtago sa ilang at maburol na lugar ng Zif. Araw-araw, hinahanap siya ni Saul, ngunit hindi itinulot ng Diyos na makita siya nito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Nanatili ang pangamba ni David sapagkat alam niyang siya'y talagang gustong patayin ni Saul. Nang siya'y nasa Hores sa ilang ng Zif,

16pinuntahan siya ni Jonatan at pinalakas ang kanyang loob sa pangalan ni Yahweh.

17Sinabi nito, “David, huwag kang matakot at hindi ka mapapatay ng aking ama. Ikaw ay magiging hari ng Israel, magiging kanang kamay mo naman ako; alam na ito ng aking ama.”

18At ang kanilang pagiging magkaibigan ay muli nilang pinagtibay sa harapan ni Yahweh. Pagkatapos, umuwi na si Jonatan at naiwan naman sa Hores si David.

19Ang mga taga-Zif ay nagpunta kay Saul sa Gibea. Sinabi nila, “Si David po ay doon nagtatago sa lugar namin sa Hores, sa kaburulan ng Haquila sa gawing timog ng kagubatan ng Jesimon.

20Alam po naming gustung-gusto ninyo siyang mahuli. Puntahan ninyo siya roon kung kailan ninyo gusto at tutulungan namin kayo sa paghuli sa kanya.”

21At sinabi ni Saul, “Pagpalain nawa kayo ni Yahweh dahil sa pagmamalasakit ninyong ito sa akin.

22Mauna kayo roon at tiyakin ninyo kung saan siya nagtatago at kung sino ang nakakita sa kanya. Alam kong mahirap siyang hulihin,

23kaya't tiyakin ninyong mabuti kung saan siya nagtatago, saka ninyo ibalita sa akin. Kung naroon pa siya, sasama ako sa inyo para dakpin siya kahit na halughugin ko ang buong Juda.”

24At sila'y nauna kay Saul papuntang Zif. Si David naman at ang kanyang mga kasama ay nasa ilang noon ng Maon, sa Araba, gawing timog ng Jesimon.

25Lumakad si Saul at ang kanyang mga tauhan upang hanapin si David. Hindi lingid kay David na hinahanap siya ni Saul kaya nagtago siya sa ilang ng Maon, ngunit sinundan pa rin siya ni Saul.

26Samantalang nasa kabilang panig ng bundok sina Saul, sina David naman ay nasa kabila at walang ibang mapuntahan. Masusukol na lamang sila nina Saul,

27nang dumating ang isang tagabalita at sinabi kay Saul, “Magbalik na po kayo at sinasalakay tayo ng mga Filisteo.”

28Kaya, tinigilan ni Saul ang paghabol kay David at hinarap ang mga Filisteo. Kaya't ang lugar na iyon ay tinawag na Bato ng Paghihiwalay.

29Mula roon, si David ay nagpunta sa En-gedi at doon muna nanirahan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 1 Samuel 24

### Hindi Pinatay ni David si Saul

1Nang magbalik si Saul mula sa pagtugis sa mga Filisteo, may nagsabi sa kanyang si David ay nasa ilang ng En-gedi.

2Kaya, kumuha siya ng tatlong libong mahuhusay na kawal mula sa Israel at isinama ang mga ito sa paghahanap kay David sa Kaburulan ng Maiilap na Kambing.

3Nang mapatapat sila sa isang kulungan ng tupa sa tabi ng daan, dumumi si Saul sa loob ng kuweba sa tapat ng mga kulungan ng tupa. Nagkataon namang si David at ang kanyang mga tauhan ay nagtatago sa loob ng kuwebang iyon.

4Sinabi kay David ng kanyang mga tauhan, “Ito na ang katuparan ng sinabi ni Yahweh na, ‘Ibibigay ko sa iyo ang iyong kaaway at maaari mong gawin sa kanya ang gusto mo.’” Dahan-dahang lumapit si David at pinutol ang laylayan ng kasuotan ni Saul.

5Nang magawâ niya ito, inusig siya ng kanyang budhi sapagkat para na niyang nilapastangan ang hari.

6Sinabi niya sa kanyang mga tauhan, “Huwag nawang itulot ni Yahweh na gawan ko ng masama ang hari na kanyang hinirang.”

7Pinakiusapan ni David ang kanyang mga kasama na huwag saktan si Saul. Tumayo na si Saul at umalis.

8Nang malayu-layo na si Saul, lumabas ng kuweba si David at sumigaw, “Mahal kong hari!” Nang lumingon si Saul, buong paggalang na yumukod si David.

9Sinabi niya, “Bakit po kayo naniniwala sa mga nagsasabi sa inyo na gusto ko kayong patayin?

10Mapapatunayan ko sa inyo na hindi totoo iyon. Kanina sa yungib ay binigyan ako ni Yahweh ng pagkakataong mapatay kayo. Gusto na ng mga tauhan kong patayin kayo ngunit hindi ko ginawa. Sinabi ko sa kanila na hindi ko maaaring pagbuhatan ng kamay ang aking hari sapagkat siya'y pinili ni Yahweh.

11Narito, ama ko, ang kapiraso ng laylayan ng inyong balabal. Kung ito'y naputol ko sa inyong kasuotan, magagawa ko ring patayin kayo noon kung gusto ko. Ito ang katunayan na hindi ko kayo gagawan ng masama kahit pinagpipilitan ninyo akong patayin.

12Hatulan nawa tayong dalawa ni Yahweh. Siya na ang magpaparusa sa inyo ngunit hindi ko kayo maaaring pagbuhatan ng kamay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Gaya ng kasabihan ng matatanda, 'Masamang tao lamang ang gumagawa ng masama,' kaya't hindi ko kayo pagbubuhatan ng kamay.

14Sino ba ako upang hanapin ng hari ng Israel? Isang patay na aso o pulgas lamang ang aking katulad!

15Si Yahweh nawa ang humatol sa ating dalawa. Magsiyasat nawa siya, at ipaglaban ako at iligtas sa iyong mga kamay."

16Pagkatapos magsalita ni David, sinabi ni Saul, "David, anak ko, ikaw nga ba iyan?" At siya'y tumangis.

17Sinabi pa ni Saul, "Tama ka, David, at ako'y mali. Sinusuklian mo ng mabuti ang masamang ginagawa ko sa iyo.

18Ito'y pinatunayan mo ngayon; hindi mo ako pinatay kahit inilagay na ako ni Yahweh sa iyong mga kamay.

19Bihira sa tao ang makakagawa ng ginawa mo, ang pawalan pa ang kaaway na nasa ilalim na ng kanyang kapangyarihan. Pagpalain ka nawa ni Yahweh sa ginawa mong ito sa akin.

20Ngayon, alam kong ikaw ay magiging hari ng Israel at sigurado akong magiging matatag ang kaharian sa ilalim ng iyong kapangyarihan.

21Ipangako mo sa pangalan ni Yahweh, na hindi mo uubusin ang aking lahi at hindi mo buburahin sa daigdig ang pangalan ng aking angkan."

22Ipinangako naman ito ni David kay Saul. Pagkatapos nito'y umuwi na si Saul. Sila David naman ay nagbalik sa kanilang pinagtataguan.

## 1 Samuel 25

### Ang Pagkamatay ni Samuel

1Namatay si Samuel, at ang buong sambayanang Israel ay nagtipon upang magluksa. Inilibing nila ang kanyang bangkay sa kanyang tahanan sa Rama.

### Si David, si Nabal, at si Abigail

Si David naman ay lumipat sa ilang ng Paran.

2Sa Maon ay may isang taong mayaman. Malaki ang kanyang kawan sa Carmel. Mayroon siyang tatlong libong tupa at sanlibong kambing.

3Nabal ang kanyang pangalan at buhat sa angkan ni Caleb. Ang asawa niya'y si Abigail. Ang babaing ito'y maganda at matalino ngunit si Nabal ay masungit at magaspang ang pag-uugali.

4Minsan, nabalitaan ni David na ginugupitan ni Nabal ang kanyang mga tupa.

5Pinapunta ni David sa Carmel ang sampu sa kanyang tauhan

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[6]at ipinasabi ang ganito: “Sumainyo ang kapayapaan at sa buo ninyong sambahayan.

[7]Nabalitaan naming ikaw ay naggugupit ng balahibo ng tupa. Ang mga pastol mo ay nakasama namin at hindi namin sila ginambala; sa halip ay tinulungan namin sila at hindi naligalig sa buong panahon ng pagpapastol nila rito sa Carmel.

[8]Ito'y mapapatunayan nila sa inyo. Dahil dito, tanggapin mo ang aking mga tauhan at ipinapakiusap kong tulungan mo ako. Bigyan mo ako ng anumang maibibigay mo para maihanda sa aming pista.”

[9]Sumunod naman ang mga inutusan ni David. Sinabi nila kay Nabal ang lahat ng ipinapasabi sa kanila at naghintay ng sagot.

[10]Sinabi ni Nabal, “Sino ba si David? Sinong anak ni Jesse? Talagang maraming alipin ngayon na lumalayas sa kanilang mga amo.

[11]Ang tinapay, inumin at pagkain para sa aking mga manggugupit ay hindi ko maibibigay sa mga taong hindi ko alam kung saang lupalop nanggaling!”

[12]Nang marinig ito, nagbalik sila kay David at sinabing lahat ang sinabi ni Nabal.

[13]Dahil dito, sinabi ni David sa kanyang mga tauhan, “Ihanda ninyo ang mga tabak ninyo!” Humanda naman ang apatnaraan sa kanyang mga tauhan at sumama sa kanya; naiwan ang dalawandaan upang magbantay sa kanilang mga dala-dalahan.

[14]Sinabi ng isang pastol kay Abigail, “Si David po ay nagpadala ng sugo sa inyong asawa at magalang na nakipag-usap ngunit sila'y ininsulto ng inyong asawa.

[15]Mababait ang mga taong iyon. Tinulungan nila kami at wala silang kinuhang anuman sa amin sa buong panahong kasama namin sila sa parang.

[16]Binantayan po nila kami araw-gabi sa aming pagpapastol.

[17]Pag-isipan po ninyo kung ano ang mabuting gawin ngayon, sapagkat ang nangyari ay tiyak na magbubunga ng masama sa aming panginoon at sa buo niyang sambahayan. Hindi naman namin masabi sa kanya ito sapagkat matigas ang ulo niya; tiyak na hindi niya kami papakinggan.”

[18]Dali-daling naghanda si Abigail ng dalawandaang tinapay. Pinuno niya ng alak ang dalawang sisidlan, nagpapatay ng limang tupa, nagpakuha ng limang takal ng sinangag na trigo, sandaang kumpol ng pasas at dalawandaang tinapay na igos; lahat ng ito'y ikinarga niya sa mga asno.

[19]Pagkatapos, sinabi niya sa ilan niyang tauhan, “Mauna kayo sa akin, at susunod ako.” Hindi niya ito ipinaalam kay Nabal na kanyang asawa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

20Habang pababa si Abigail sa isang burol, dumarating naman sina David mula sa kabila.

21Sa galit ni David kay Nabal ay nasabi niya, “Sayang lamang ang pangangalaga natin sa ari-arian ng Nabal na iyon. Tinulungan natin siya at walang nabawas sa kanyang kawan, ngunit ito pa ang iginanti sa atin.

22Parusahan sana ako ng Diyos kapag hindi ko pinatay bukas ang lahat ng lalaki sa kanyang sambahayan.”

23Nang makita ni Abigail si David, nagmamadali siyang bumabâ sa kanyang asno at nagpatirapa sa harapan ni David.

24Sinabi niya, “Ako na po ang inyong sisihin. Pakinggan po muna sana ninyo ang aking sasabihin.

25Huwag po ninyong pansinin si Nabal. Wala pong kuwentang tao iyon. Tamang-tama po sa kanya ang kanyang pangalan, siya po'y luku-luko. Hindi ko po kasi nakita ang mga tauhan ninyong pinapunta sa amin.

26Ngayon po'y niloob ni Yahweh na huwag matuloy ang inyong paghihiganti upang hindi mabahiran ng dugo ang inyong mga kamay. Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, lahat ng naghahangad ng masama laban sa inyo ay mapapahamak, tulad ni Nabal.

27Narito po, tanggapin po ninyo ang nakayanan ng inyong lingkod at ipamigay ninyo sa inyong mga tauhan.

28At patawarin po ninyo ang anumang pagkakamali ko. Sigurado kong loloobin ni Yahweh na kayo'y maging hari, pati ng inyong lahi sapagkat nakikipaglaban kayo para sa kanya, at hindi kayo gagawa ng anumang kasamaan habang kayo'y nabubuhay.

29Kung may magtatangka man sa inyong buhay, iingatan kayo ni Yahweh na inyong Diyos. Ang mga kaaway naman ninyo ay ihahagis na parang bato ng tirador.

30At kung loobin ni Yahweh na maging hari na kayo sa Israel tulad ng kanyang ipinangako,

31wala kayong pagsisisihan. Hindi kayo uusigin ng inyong budhi sapagkat hindi kayo pumatay nang walang sapat na dahilan o kaya'y naghiganti sa inyong kaaway. At sana'y maalala ninyo ako sa sandaling marapatin na ni Yahweh na maitatag na ang inyong sambahayan.”

32Sinabi ni David kay Abigail, “Purihin si Yahweh na nagpapunta sa iyo rito.

33Salamat sa kanya dahil sa iyong kabutihan, sapagkat sa ginawa mo'y nakaiwas ako sa pagpatay ng tao at magsagawa ng sariling paghihiganti.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

34Niloob niyang huwag ko kayong pagbuhatan ng kamay. Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, kung hindi ka naparito ngayon, bukas ng umaga ay patay na sanang lahat ang lalaki sa inyong sambahayan."

35Tinanggap ni David ang mga dala ni Abigail. Pagkatapos, sinabi niya rito, "Umuwi ka na. Huwag ka nang mag-alala at gagawin ko ang kahilingan mo."

36At umuwi na si Abigail. Pagdating ng bahay, nakita niya ang handaan ni Nabal, walang iniwan sa papista ng isang hari. Naratnan niyang lasing na lasing ito kaya't wala siyang sinabing anuman nang gabing iyon.

37Kinabukasan, nang wala na ang pagkalasing nito, isinalaysay niya ang buong pangyayari. Nang marinig ni Nabal ang lahat, inatake siya sa puso at nanigas ang buong katawan.

38Pagkaraan pa ng sampung araw, pinarusahan ni Yahweh si Nabal at ito'y namatay.

39Nang mabalitaan ni David ang nangyari kay Nabal, sinabi niya, "Purihin si Yahweh. Ipinaghiganti niya ako sa paghamak na ginawa sa akin ni Nabal at inilayo niya ako sa pagkakasala. Pinagbayad ni Yahweh si Nabal sa kanyang kasamaan." Si David ay nagpasugo kay Abigail at ipinasabing nais niya itong maging asawa.

40Nang dumating sa Carmel ang mga inutusan ni David, sinabi nila, "Ipinapasabi po ni David na nais niya kayong mapangasawa."

41Yumukod si Abigail, ang mukha'y halos sayad sa lupa, at sinabi, "Narito ang inyong lingkod, handa po akong maghugas ng paa ng inyong mga tauhan."

42Nagmamadali siyang tumayo, sumakay sa asno at sumama sa mga tauhan ni David, kasama ang lima sa kanyang mga katulong. At siya'y naging asawa ni David.

43Asawa na noon ni David si Ahinoam na taga-Jezreel, at ngayo'y naging asawa rin niya si Abigail.

44Si Mical naman na asawa ni David ay ibinigay ni Saul kay Palti na anak ni Lais ng Gallim.

## 1 Samuel 26

### Hindi na Naman Pinatay ni David si Saul

1Samantala, nagbalik kay Saul sa Gibea ang mga Zifeo at sinabi nilang si David ay nagtatago sa kaburulan ng Haquila, sa silangan ng Jesimon.

2Kaya lumakad si Saul, kasama ang tatlong libong pinakamahusay na kawal na Israelita, patungo sa ilang ng Zif upang hanapin si David.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Nagkampo sila sa tabing daan sa may kaburulan ng Haquila; sina David naman ay nasa ilang. Nang mabalitaan ni David na hinahanap na naman siya ni Saul,

4pinalakad niya ang ilan sa kanyang mga tauhan upang lihim na magsiyasat. Sa pamamagitan nila, natiyak niyang hinahanap nga siya ni Saul.

5Pumunta si David sa kampo ni Saul upang alamin ang kinalalagyan ni Saul. Nakita niyang napapaligiran si Saul ng mga kawal at natutulog sa tabi nito ang pinuno ng kanyang hukbo na si Abner na anak ni Ner.

6Tinanong ni David ang Heteong si Ahimelec at si Abisai na kapatid ni Joab at anak ni Sarvia, “Sino ang sasama sa akin sa kampo ni Saul?” “Ako,” sagot ni Abisai.

7Kinagabihan, lihim na pinasok nina David at Abisai ang kampo ni Saul. Dinatnan nila itong tulog na tulog at napapaligiran ni Abner at ng buong hukbo. Ang sibat nito ay nakatusok sa gawing ulunan.

8Sinabi ni Abisai kay David, “Niloob ng Diyos na mahulog ngayon sa mga kamay mo ang iyong kaaway. Kung gusto mo, tatarakan ko na siya ng sibat. Isang saksak lang iyan at hindi na kailangang ulitin pa.”

9Ngunit sinabi ni David, “Huwag mong gagawin iyan. Malaking kasalanan na pagbuhatan ng kamay ang haring pinili ni Yahweh.

10Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, darating ang araw na mamamatay rin siya, maaaring sa sakit o sa digmaan.

11Huwag nawang itulot ni Yahweh na patayin ko ang kanyang piniling hari. Kunin na lang natin ang kanyang sibat, pati ang lalagyan niya ng inumin, at umalis na tayo.”

12Kinuha nga ni David ang sibat sa ulunan ni Saul at ang lalagyan nito ng inumin, at sila'y umalis. Isa man kina Saul ay walang nagising sapagkat niloob ni Yahweh na makatulog sila nang mahimbing. Dumating at umalis sina David nang walang nakaalam.

13Pagdating ni David sa kabilang gulod, tumayo siya sa isang mataas na lugar.

14Sinigawan niya si Abner, “Abner, naririnig mo ba ako?” Ang sigaw niya'y dinig ng buong hukbo. Sumagot si Abner, “Sino kang nambubulahaw sa hari?”

15Sumagot naman si David, “Di ba't ikaw ang pinakamagaling na lalaki sa Israel? Bakit hindi mo binantayang mabuti ang mahal na hari? May nakapasok diyan upang patayin ang hari ngunit hindi mo man lamang namalayan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16 Nagpabaya ka sa iyong tungkulin. Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, dapat kang mamatay sapagkat hindi mo binantayang mabuti ang haring pinili ni Yahweh. Nasaan ang sibat at ang lalagyan ng tubig ng hari?”

17 Nakilala ni Saul ang tinig ni David. “David, anak ko, ikaw ba iyan?” tanong niya. “Ako nga po, mahal kong hari,” sagot ni David.

18 Sinabi pa niya, “Bakit ninyo ako inuusig hanggang ngayon? Ano po ba ang nagawa kong kasalanan?

19 Isinasamo ko, mahal na hari, pakinggan po sana ninyo ang aking sasabihin. Kung si Yahweh po ang may gusto na ako'y usigin ninyo, maghandog po kayo sa kanya para mabago ang kanyang pasya. Kung tao naman po ang may udyok nito, sumpain nawa siya ni Yahweh. Dahil sa ginagawa nilang ito, napalayo ako sa bayan ni Yahweh at napadpad sa lupaing diyus-diyosan lamang ang maaari kong sambahin.

20 Huwag ninyo sanang hayaang mapatay ako sa ibang lupain, at malayo kay Yahweh. Bakit ako, na pulgas lamang ang katulad ay gustong patayin ng hari? Bakit kailangan pa niya akong habulin na parang isang mailap na ibon?”

21 Sinabi ni Saul, “Nagkamali nga ako, David, aking anak. Magbalik ka na at hindi na kita gagawan ng masama sapagkat sa araw na ito'y hindi mo na naman ako pinatay. Naging hangal ako! Napakalaki ng kasalanan ko!”

22 Sumagot si David, “Narito ang inyong sibat, mahal na hari. Ipakuha ninyo rito sa isa ninyong tauhan.

23 Ang taong tapat at matuwid ay ginagantimpalaan ni Yahweh. Sa araw na ito'y niloob niyang mahulog kayo sa aking mga kamay ngunit hindi ko maaaring pagbuhatan ng kamay ang haring pinili ni Yahweh.

24 Pinahahalagahan ko ngayon ang inyong buhay at nawa'y ganoon din ang gawin sa akin ni Yahweh. Nawa'y iligtas niya ako sa lahat ng kaguluhan.”

25 Sinabi ni Saul kay David, “Pagpalain ka ng Diyos, anak. Marami pang gawaing naghihintay sa iyo at tiyak kong magtatagumpay ka.” Pagkatapos nito'y lumakad na si David at umuwi naman si Saul.

## 1 Samuel 27

### Si David sa Lupain ng mga Filisteo

1 Sinabi ni David sa kanyang sarili, “Balang araw ay mahuhuli rin ako ni Saul kapag hindi ako umalis dito. Ang mabuti pa'y magtago na lang ako sa lupain ng mga Filisteo. Baka hindi na niya ako habulin kung hindi na niya ako makita sa lupain ng Israel. Ito na lamang ang paraan upang makaligtas ako sa kanya.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

2Kaya, isinama niya ang animnaraan niyang tauhan at nagpunta sila kay Aquis na anak ni Maoc at hari ng Gat.

3Doon nanirahan sina David, kasama ang mga asawa niyang si Ahinoam na taga-Jezreel at si Abigail na biyuda ni Nabal na taga-Carmel. Kasama naman ng kanyang mga tauhan ang kani-kanilang pamilya.

4Nang mabalitaan ni Saul na si David ay nasa Gat, itinigil nga niya ang paghahanap dito.

5Sinabi ni David kay Aquis, "Kung mamarapatin mo, bigyan mo kami ng isang maliit na bayan sa lalawigan upang doon manirahan. Hindi nararapat na kami ay kasama mong naninirahan dito sa iyong maharlikang lunsod."

6Ibinigay naman sa kanya ni Aquis ang Ziklag, kaya hanggang ngayon, ito ay sakop ng hari ng Juda.

7At sila'y isang taon at apat na buwang nanirahan sa lupain ng mga Filisteo.

8Sa loob ng panahong iyon, sinalakay nina David ang mga Gesureo, ang mga Girzita at ang mga Amalekita na matagal nang naninirahan doon; umabot sila sa Shur at hanggang sa Egipto.

9Bawat lugar na salakayin nila ay wala silang itinitirang buháy, maging lalaki man o babae. At bago bumalik kay Aquis, sinasamsam nila ang lahat ng kanilang makita: tupa, baka, asno, kamelyo at mga damit.

10Kapag tinatanong siya ni Aquis kung alin ang sinalakay nila, sinasabi niyang ang gawing timog ng Juda, timog ng Jerameel o kaya'y ang lupain ng Cineo.

11Pinapatay nga niyang lahat ang nakatira sa alinmang lugar na salakayin niya para walang makapagbalita sa Gat na ang lugar na iyon ang kanilang nilusob. Palaging ganoon ang ginagawa nina David sa buong panahon ng paninirahan nila sa lupain ng mga Filisteo.

12Si Aquis naman ay labis na nagtiwala sa kanya, sapagkat akala niya'y masamang-masama na si David sa mga Israelita at dahil doo'y maaalipin na niya ito habang panahon.

## 1 Samuel 28

1Nang panahong iyon, inihahanda ng mga Filisteo ang kanilang hukbong sandatahan upang digmain ang Israel. Sinabi ni Aquis kay David, "Inaasahan kong ikaw at ang mga tauhan mo'y sasanib sa aking hukbo."

2Sumagot si David, "Maaasahan po ninyo. Ngayon ko ipapakita sa inyo kung ano ang magagawa ko." Sinabi ni Aquis, "Mabuti kung gayon. Ikaw ang gagawin kong pansariling bantay ko habang buhay."

### Sumangguni si Saul sa Isang Kumakausap sa Espiritu ng mga Namatay na

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3 Patay na noon si Samuel at ipinagluksa siya ng buong Israel. Siya'y inilibing nila sa Rama, sa kanyang sariling bayan. Noon ay pinalayas na ni Saul ang mga sumasangguni sa espiritu ng mga namatay na at ang mga manghuhula.

4 Ang mga Filisteo ay nagkampo sa Sunem at sina Saul naman ay sa Gilboa.

5 Nanginig sa takot si Saul nang makita niya ang hukbo ng mga Filisteo.

6 Nang sumangguni siya kay Yahweh, hindi sumagot si Yahweh kahit sa pamamagitan ng panaginip, ni sa pamamagitan man ng Urim o ng mga propeta.

7 Dahil dito, iniutos niya sa kanyang mga tagapaglingkod na ihanap siya ng isang babaing kumakausap sa mga espiritu ng namatay na upang siya'y tanungin. Sinabi naman sa kanya ng kanyang mga lingkod na mayroong ganoong babae sa Endor.

8 Nagbalatkayo si Saul, isinama ang dalawa niyang tagapaglingkod at sila'y lumakad. Gabi na nang dumating sila sa Endor. Sinabi niya sa babae, “Tingnan mo nga kung ano ang magiging kapalaran ko; kausapin mo ang espiritu ng sinumang sasabihin ko sa iyo.”

9 Sinabi sa kanya ng babae, “Hindi mo ba alam na pinalayas na ni Saul sa Israel ang mga sumasangguni sa mga espiritu ng patay at ang mga manghuhula? Bakit mo inilalagay sa panganib ang aking buhay?”

10 Kaya't nangako si Saul sa pangalan ni Yahweh. Sinabi niya, “Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, hindi ka mapaparusahan dahil sa gagawin mong ito.”

11 Itinanong ng babae, “Kaninong espiritu ang gusto mong tawagin ko?” “Kay Samuel,” sagot niya.

12 Nang makita ng babae si Samuel, napasigaw ito. Sinabi niya kay Saul, “Bakit ninyo ako nilinlang? Kayo pala si Haring Saul!”

13 Sinabi ni Saul, “Huwag kang matakot. Ano ba ang nakita mo?” “Isang espiritu na lumilitaw mula sa lupa,” sagot ng babae.

14 Itinanong ni Saul, “Ano ang hitsura?” “Isa siyang matandang lalaking nakabalabal,” sagot ng babae. Natiyak ni Saul na si Samuel ang tinutukoy ng babae, kaya siya'y nagpatirapa at nagbigay-galang.

15 Itinanong ni Samuel kay Saul, “Bakit mo ginagambala ang aking pamamahinga?” Sumagot siya, “May malaki akong suliranin. Sinasalakay kami ng mga Filisteo. Tinalikuran na ako ng Diyos at ayaw na niyang magpahayag sa akin, maging sa mga propeta o sa mga panaginip. Ipinatawag nga kita upang itanong kung ano ang dapat kong gawin.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Sinabi ni Samuel, “Bakit magtatanong ka pa sa akin gayong tinalikuran ka na ni Yahweh at siya'y kaaway mo na?

17Iyan na ang katuparan ng ipinasabi niya sa iyo. Inalis na sa iyo ang pagiging hari, at ibinigay na kay David.

18Hindi mo sinunod ang kanyang utos na lipulin ang mga Amalekita, kaya ginagawa niya ito sa iyo.

19Ikaw at ang buong Israel ay ibibigay ni Yahweh sa kamay ng mga Filisteo. Bukas, ikaw at ang iyong mga anak ay mamamatay rin sapagkat niloob na ni Yahweh na mahulog kayo sa kamay ng mga Filisteo.”

20Dahil sa matinding takot sa sinabi ni Samuel, biglang nabuwal si Saul sa lupa. Bukod dito, hinang-hina na siya dahil sa pagod at gutom sapagkat maghapo't magdamag na siyang hindi kumakain.

21Nilapitan siya ng babae at nakita niyang takot na takot si Saul. Kaya, sinabi niya, “Pinagbigyan ko po ang inyong kahilingan kahit alam kong nakataya ang aking buhay.

22Ngayon po, ako naman ang hihiling sa inyo. Ipaghahanda ko kayo ng pagkain para lumakas kayo at makapagpatuloy sa inyong lakad.”

23Sumagot si Saul, “Ayokong kumain.” Ngunit pinilit siya ng kanyang mga tauhan at ng babae. Pumayag na rin siya at pagkatapos ay naupo sa isang higaan.

24Ang babae ay may isang pinatabang guya. Dali-dali niya itong kinatay. Nagmasa siya ng harina, ginawa itong tinapay na walang pampaalsa,

25saka inihain kay Saul at sa mga kasamahan nito. Pagkakain, nagmamadali silang umalis.

## 1 Samuel 29

### Si David ay Tinanggihan ng mga Filisteo

1Ang mga Filisteo'y nagtipun-tipon sa Afec at ang mga Israelita naman ay sa tabi ng malaking bukal sa libis ng Jezreel.

2Nang ang mga pinunong Filisteo ay patungo na sa labanan kasama ang kani-kanilang pangkat na may daan-daan at may libu-libo, nakita nila ang pangkat ni David; ang mga ito'y nasa hulihan at kahanay ng pangkat ni Aquis.

3Itinanong ng mga prinsipeng Filisteo, “Sino ang mga Hebreong ito? Ano ang ginagawa nila rito?” Sumagot si Aquis, “Si David iyan na lingkod ni Haring Saul. Siya'y mahigit nang isang taong kasa-kasama ko. Buhat nang magkasama kami, wala akong maipipintas sa kanya.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Nagalit ang mga pinunong Filisteo. Sinabi nila kay Aquis, "Pabalikin mo na sila sa lugar na ibinigay mo sa kanila. Hindi natin sila isasama sa labanan. Baka kung nandoon na, tayo pa ang labanan nila. Baka samantalahin niya ang pagkakataon upang maalis ang galit sa kanya ni Saul.

5Hindi ba iyan ang David na kanilang binabanggit sa awit na: 'Pumatay si Saul ng libu-libo si David nama'y sampu-sampung libo?'"

6Tinawag ni Aquis si David. Sinabi niya, "Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, ikaw ay naging tapat sa akin. At para sa akin, nais kong kasama ka sa pakikidigma naming ito sapagkat buhat nang magkasama tayo'y wala akong masasabing masama laban sa iyo. Ngunit ayaw kang isama ng ibang pinuno.

7Kaya, magbalik ka na para hindi magalit sa iyo ang mga pinuno ng mga Filisteo."

8Itinanong ni David, "Ano ba ang nagawa kong masama buhat nang sumama ako sa inyo at ayaw ninyo akong isama sa pakikipaglaban sa inyong mga kaaway?"

9Sumagot si Aquis, "Alam kong wala kang ginawang masama. Natitiyak kong ikaw ay tapat, tulad ng isang anghel ng Diyos, ngunit ayaw kang isama ng mga pinunong Filisteo.

10Kaya, pagliwanag bukas ng umaga, isama mong lahat ang mga tauhan mo at bumalik na kayo sa lugar na ibinigay ko sa inyo. Huwag sasama ang loob mo. Wala akong masasabing anuman laban sa iyo."

11Kinabukasan ng umaga, si David at ang mga tauhan nito'y nagbalik sa lupain ng mga Filisteo; nagpatuloy naman ang mga Filisteo ng pagsugod sa Jezreel.

## 1 Samuel 30

### Ang Pakikipagdigma sa mga Amalekita

1Ikatlong araw na nang sina David ay makabalik sa Ziklag. Samantalang wala sila, lumusob ang mga Amalekita at sinunog ang buong bayan.

2Wala silang pinatay isa man ngunit binihag nila ang mga babae, matanda't bata.

3Nang dumating nga sina David, sunog na ang buong bayan at wala ang kani-kanilang asawa't mga anak.

4Dahil dito, hindi nila mapigilan ang paghihinagpis; nag-iyakan sila hanggang sa mapagod sa kaiiyak.

5Binihag din ang dalawang asawa ni David na sina Ahinoam at Abigail.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Balisang-balisa si David sapagkat pinag-uusapan ng kanyang mga tauhan na pagbabatuhin siya dahil sa sama ng loob sa pagkawala ng kanilang mga anak. Ngunit dumulog si David kay Yahweh na kanyang Diyos upang palakasin ang kanyang loob.

7Sinabi ni David kay Abiatar, “Dalhin mo rito ang efod.” At dinala naman ni Abiatar.

8Nagtanong si David kay Yahweh, “Hahabulin po ba namin ang mga tulisang iyon? Mahuhuli ko po kaya sila?” “Sige, habulin ninyo. Maaabutan ninyo sila at maililigtas ang kanilang mga bihag,” sagot ni Yahweh.

9Hinabol nga ni David ang mga Amalekita. Kasama niya hanggang sa batis ng Besor ang animnaraan niyang tauhan.

10Ngunit pagdating doon, apatnaraan na lang ang nagtuloy na sumama kay David. Nagpaiwan na ang dalawandaan dahil sa matinding pagod.

11Sa daan, may nakita silang isang kabataang Egipcio. Dinala nila ito kay David at binigyan ng pagkain at inumin.

12Binigyan nila ito ng tinapay na igos at dalawang kumpol ng pasas. Matapos kumain, nanumbalik ang kanyang lakas; tatlong araw at tatlong gabi pala siyang hindi kumakain ni umiinom.

13Tinanong siya ni David, “Sino ang panginoon mo at tagasaan ka?” “Ako po'y Egipciong alipin ng isang Amalekita. Iniwan na ako ng aking panginoon sapagkat tatlong araw na akong may sakit.

14Nilusob po namin ang teritoryo ng mga Kereteo sa timog ng Juda at ang teritoryo ng angkan ni Caleb; sinunog pa po namin ang buong Ziklag,” sagot nito.

15“Maaari mo ba kaming samahan sa mga tulisang iyon?” tanong uli ni David. “Kung ipapangako po ninyo sa akin sa pangalan ng Diyos na ako'y hindi ninyo papatayin ni ibabalik sa dati kong panginoon, ituturo ko sa inyo ang lugar ng mga Amalekita,” sagot ng Egipcio.

16Itinuro nga ng alipin ang kampo ng mga Amalekita. Nakita nina David na kalat-kalat ang mga ito. Sila'y masasayang nagkakainan, nag-iinuman at nagsasayawan. Nagpapasasa sila sa kanilang mga samsam sa Filistia at Juda.

17Kinaumagahan, lumusob sina David at pinagpapatay ang mga Amalekita hanggang gabi. Wala silang itinirang buháy maliban sa apatnaraang kabataan na nakatakas na sakay ng kanilang mga kamelyo.

18Nabawi nila ang lahat ng sinamsam ng mga Amalekita, pati ang dalawang asawa ni David.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Isa man sa kasamahan nila'y walang nabawas, matanda't bata, maging sa kanilang mga anak; nabawi nga nilang lahat ang sinamsam ng mga Amalekita.

20At sinamsam pa nina David ang mga tupa at mga baka. Ang mga ito'y ipinadala niya sa kanyang mga tauhan pauwi. Sinabi nila, “Ito ay samsam ni David.”

21Nang makabalik sina David sa batis ng Besor, sinalubong sila ng dalawandaang tauhan niya na hindi nakasama dahil sa matinding pagod at sila'y kinumusta niya.

22Sa mga nakasama ni David ay may mga makasarili at mararamot. Sinabi ng mga ito, “Huwag nating bibigyan kahit ano 'yung hindi sumama sa atin. Ibigay na lang natin sa kanila ang kanilang asawa't mga anak at paalisin na natin sila.”

23Ngunit sinabi ni David, “Hindi tama iyan, mga kapatid. Ang mga bagay na ito ay ipinagkaloob sa atin ni Yahweh. Iniligtas niya tayo at ibinigay niya sa ating mga kamay ang mga kaaway na lumusob sa atin.

24Kaya, pare-pareho ang magiging bahagi ng lahat, maging kasama sa paglusob o naiwan upang magbantay sa ating mga ari-arian.”

25Mula noon, iyon ang naging patakaran ni David sa paghahati ng mga samsam, at ito'y sinunod ng buong Israel.

26Pagdating sa Ziklag, pinadalhan ni David ng bahagi ang mga kaibigan niya at ang pinuno ng bayan sa Juda. “Ito ang bahagi ninyo sa mga nasamsam namin sa mga kaaway ni Yahweh,” sabi niya.

27Pinadalhan din niya ang mga taga-Bethel, Timog Ramat, Jatir,

28Aroer, Sifmot, Estemoa

29at Racal. Gayundin ang mga taga-Jerameel at Cineo,

30pati ang nasa Horma, Borasan, Atac,

31Hebron at ang lahat ng lugar na narating ni David at ng kanyang mga tauhan.

## 1 Samuel 31

### Ang Kamatayan ni Saul at ng Kanyang mga Anak

(1 Cro. 10:1-12)

1Dinigma ng mga Filisteo ang mga Israelita; kaya't ang mga Israelita ay nagsitakas, at marami sa kanila ang namatay sa Bundok Gilboa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Si Saul at ang kanyang mga anak ay inabutan ng mga Filisteo; pinatay ng mga Filisteo sina Jonatan, Abinadab at Melquisua, ang mga anak ni Saul.

3Napakatindi ng labanan sa palibot ni Saul; at nang siya'y makita at panain ng mga manunudla, si Saul ay malubhang nasugatan.

4Kaya, sinabi niya sa tagadala ng kanyang gamit-pandigma, “Saksakin mo na ako upang hindi na ako abutang buháy ng mga paganong iyan, at paglaruan pa nila.” Ngunit tumanggi ito sapagkat natatakot siyang gawin ito. Kaya binunot ni Saul ang kanyang espada at sinaksak ang kanyang sarili.

5Nang makita ng tagapagdala na nagpakamatay si Saul, ganoon din ang ginawa nito sa kanyang sarili.

6Kaya nang araw na iyon, sabay-sabay na namatay sina Saul, ang tatlo niyang anak na lalaki, ang kanyang tagadala ng sandata at ang lahat ng kanyang mga tauhan.

7Nang makita ng mga Israelitang nasa kabila ng libis at ng Ilog Jordan na tumakas na ang hukbo ng Israelita, at nang mabalitaang napatay na sina Saul at ang tatlong anak nito, nilisan nila ang kanilang mga bayan at tumakas na rin. Kaya't nang dumating ang mga Filisteo, dito na sila nagkuta.

8Kinabukasan, nang puntahan ng mga Filisteo ang kanilang mga napatay upang samsaman, natagpuan nila sa Bundok ng Gilboa ang bangkay ni Saul at ng tatlo niyang anak.

9Pinugutan nila ng ulo si Saul, at kinuha ang kasuotang-pandigma nito. Pagkatapos, nagpadala sila ng mga sugo sa buong lupain ng mga Filisteo upang ibalita ang magandang pangyayari sa lahat ng tao at sa mga templo ng kanilang mga diyus-diyosan.

10Ang kasuotang-pandigma ni Saul ay inilagay nila sa templo ni Astarte at ibinitin ang kanyang bangkay sa pader ng Bethsan.

11Subalit nabalitaan ng mga taga-Jabes-gilead ang ginawa ng mga Filisteo kay Saul,

12nagtipun-tipon ang mga magigiting na mandirigma. Magdamag silang naglakbay, at kinuha sa Bethsan. Dinala nila ang mga ito sa Jabes, at doon sinunog.

13Pagkatapos, kinuha nila ang mga buto at ibinaon sa ilalim ng punong tamarisko sa Jabes. Pitong araw silang nag-ayuno bilang pagluluksa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 2 Samuel

## 2 Samuel 1

### Ang Pagkamatay ni Saul

1Nang magbalik si David buhat sa matagumpay na pakikidigma laban sa mga Amalekita, tumigil siya ng dalawang araw sa Ziklag.

2Nang sumunod na araw, dumating buhat sa labanan ang isang lalaking punit ang kasuotan at puno ng alikabok ang ulo. Lumapit ito kay David at nagpatirapa bilang pagbibigay-galang.

3“Saan ka galing?” tanong ni David. “Tumakas po ako sa kampo ng Israel,” sagot ng lalaki.

4“Bakit? Ano bang nangyari?” tanong ni David. “Umatras po sa labanan ang hukbo at maraming mga kawal ang napatay. Napatay rin po ang mag-amang Saul at Jonatan,” sagot ng lalaki.

5“Paano mo nalamang napatay sina Saul at si Jonatan?” tanong ni David.

6Isinalaysay ng lalaki ang pangyayari. “Nagkataon pong ako'y nasa Bundok ng Gilboa. Nakita ko pong hinahabol si Haring Saul ng mga kaaway sakay ng mga karwahe at kabayo. Noon po'y nakasandal siya sa kanyang sibat.

7Nang ako'y kanyang makita, tinanong niya kung sino ako.

8Sinabi ko pong ako'y isang Amalekita.

9Pinalapit po ako at ang sabi, ‘Hirap na hirap na ako sa kalagayang ito. Mabuti pa'y patayin mo na ako.’

10Lumapit naman po ako at pinatay ko nga siya, sapagkat alam kong hindi na rin siya mabubuhay pa dahil sa kanyang tama. Pagkatapos, kinuha ko ang kanyang korona at ang pulseras sa kanyang braso. Heto po't dala ko para sa inyo, panginoon.”

11Nang marinig ito, pinunit ni David ang kanyang kasuotan; gayundin ang ginawa ng mga kasamahan niya.

12Tumangis sila, nag-ayuno at nagluksa hanggang gabi, sapagkat si Saul, ang anak nitong si Jonatan, at ang iba pang lingkod ni Yahweh sa bansang Israel ay nasawi sa labanan.

13Muling tinanong ni David ang lalaki, “Tagasaan ka nga ba?” “Ako po'y anak ng isang dayuhang Amalekita,” sagot naman nito.

14Sinabi ni David, “Hindi ka man lamang natakot na patayin ang haring pinili ni Yahweh?”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Kaya't inutusan ni David ang isa niyang kabataang tauhan, “Patayin ang taong ito.” Iyon nga ang kanyang ginawa.

16At sa harap ng bangkay ay sinabi ni David, “Ikaw ang dapat sisihin sa iyong pagkamatay sapagkat hinatulan mo ang iyong sarili nang sabihin mong pinatay mo ang haring pinili ni Yahweh.”

**Dinamdam ni David ang Pagkamatay ng Mag-ama**

17Dahil dito, kumanta si David ng isang awit ng pagluluksa bilang alaala kina
Saul at sa anak nitong si Jonatan. (18Iniutos niyang ituro ito sa lahat ng
mamamayan ng Juda. Nakasulat ito sa *Aklat ni Jaser*.)

19“Karangalan ng Israel sa burol ay niyurakan, nang mabuwal ang magigiting mong kawal!

20Dapat itong ilihim, hindi dapat ipaalam, lalo sa Gat, at Ashkelon, sa liwasan at lansangan; kung ito ay mababatid, tiyak na magdiriwang, ang mga Filisteong mga Hentil ang magulang.

21“Ang lupain ng Gilboa, ang iyong mga bundok, hindi na dapat ulanin, ni bigyan kahit hamog, mga bukid mo'y hindi na makapaghandog. Pagkat sandata ni Saul ay sa iyo nadungisan, na dati-rating makintab, ngayo'y balot ng kalawang.

22“Ang pana ni Jonatan noo'y hindi nabibigo. Ang kay Saul na sandata ay hindi naigugupo.

23“Si Saul at si Jonatan ay ulirang mag-ama, sa buhay at kamatayan ay palaging magkasama. Bilis nila'y higit pa sa agila, higit pa kaysa leon ang lakas na taglay nila.

24“Mga kababaihan ng Israel, kayo'y magsitangis, sa pagpanaw ni Saul na sa inyo'y nagparamit ng magandang kasuotang may hiyas na nakakabit.

25“Ang magigiting na kawal ay nabuwal sa labanan, ganyan napansin sa burol, nang bumagsak si Jonatan.

26“Sa pagpanaw mo, kapatid kong Jonatan, ngayon ako'y nagluluksa, pagkat ikaw ay mahal ko at sa iyo'y humahanga. Ang pag-ibig na ukol mo sa akin ay pambihira, mahigit pa sa pag-ibig ng babaing minumutya.

27“Ang magigiting na kawal sa labana'y nabuwal, ang kanilang mga sandata ay wala na ngayong kabuluhan.”

## 2 Samuel 2

**Si David ay Naging Hari ng Juda**

1Pagkaraan ng lahat ng ito, sumangguni si David kay Yahweh. “Pupunta po ba ako sa isa sa mga lunsod ng Juda?” tanong niya. “Lumakad ka,” sagot sa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

kanya ni Yahweh. “Saan pong lunsod?” tanong ni David. “Sa Hebron,” sagot ni Yahweh.

2Kaya't lumakad si David kasama ang dalawa niyang asawa, sina Ahinoam na Jezreelita, at si Abigail, ang biyuda ni Nabal na taga-Carmel.

3Isinama rin ni David ang kanyang mga tauhan pati ang kani-kanilang pamilya.

4Dumating sa Hebron ang mga taga-Juda at binuhusan nila ng langis si David bilang hari ng Juda. Nang sabihin nila kay David, “Ang mga taga-Jabes-gilead ang naglibing kay Saul,”

5nagpadala siya ng mga tauhan sa mga taong iyon dala ang pagbating, “Nawa'y pagpalain kayo ni Yahweh sa kagandahang-loob at kabutihang ginawa ninyo sa panginoon ninyong si Saul, nang siya'y inyong ilibing.

6Kamtan nawa ninyo ang pag-ibig at katapatan ni Yahweh, at ako nama'y handang gumanti sa inyong kabutihang ginawa.

7Maging matatag at matapang kayo. Patay na ang inyong haring si Saul at ginawa na akong hari ng mga taga-Juda.”

**Ginawang Hari ng Israel si Isboset**

8Samantala, si Isboset na anak ni Saul ay kinuha ni Abner na anak ni Ner, pinuno ng hukbo ni Saul. Siya'y dinala sa Mahanaim, sa kabilang ibayo ng Jordan.

9Doo'y ginawang hari ni Abner si Isboset upang mamuno sa Gilead, sa mga Asureo, sa Jezreel, sa Efraim, sa Benjamin at sa buong Israel.

10Si Isboset na anak ni Saul ay apatnapung taon noon at dalawang taóng naghari sa Israel, ngunit si David ang kinilalang hari ng lipi ni Juda.

11Naghari si David roon sa loob ng pito't kalahating taon habang siya'y nanirahan sa Hebron.

12Ang hukbo ni Isboset sa pangunguna ni Abner ay lumabas sa Mahanaim upang pasukin ang Gibeon.

13Ang hukbo naman ni David sa pangunguna ni Joab, na anak ni Zeruias, ay lumabas din mula sa Hebron. Nagtagpo ang dalawang pangkat sa may ipunan ng tubig sa Gibeon at magkatapat na humanay.

14Sinabi ni Abner kay Joab, “Palabasin mo ang magagaling ninyong tauhan at isa-isang makipagtagisan ng lakas sa mga tauhan namin.” “Mangyayari ang gusto mo,” sagot ni Joab.

15Labindalawa sa panig ni David ang isa-isang lumabas at tinapatan naman ng labindalawang Benjaminita sa panig ni Isboset.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Bawat isa'y kumuha ng katapat, naghawakan sa ulo at nagsaksakan sa tagiliran. Sama-sama silang nagkamatayan, kaya ang lugar na iyon sa Gibeon ay tinawag na Parang ng Patalim.

17Pagkatapos nito'y nagkaroon ng mahigpit na labanan sina Abner kasama ang mga taga-Israel laban sa mga tauhan ni David. Nang araw na iyon, natalo ang hukbo ng Israel na pinangungunahan ni Abner.

18Naroon ang tatlong anak ni Zeruias: sina Joab, Abisai at Asahel. Si Asahel ay simbilis ng usa kung tumakbo.

19Tuluy-tuloy na hinabol niya si Abner.

20Lumingon ito at siya'y tinanong, “Ikaw ba si Asahel?” “Oo, ako nga,” sagot niya.

21Sinabi sa kanya ni Abner, “Tigilan mo na ako. Iba na ang habulin mo at samsaman ng kanyang dala.” Ngunit hindi ito pinansin ni Asahel.

22Muling nagsalita si Abner, “Huwag mo na akong habulin, Asahel. At baka mapatay pa kita. Kapag napatay kita, anong mukhang ihaharap ko sa kapatid mong si Joab?”

23Ngunit hindi pa rin siya pinansin nito kaya't patalikod niyang isinaksak ang kanyang sibat at tumagos sa likod ni Asahel, at ito'y namatay. Ang lahat ng nakakita sa bangkay ni Asahel ay napapahinto.

24Gayunman, patuloy ring tinugis si Abner ng magkapatid na Joab at Abisai. Nang palubog na ang araw, narating nila ang burol ng Amma, tapat ng Giah, sa daang patungo sa pastulan ng Gibeon.

25Ang mga Benjaminita'y pumanig kay Abner; nagbuo sila ng isang pangkat at humanay sa ibabaw ng burol na iyon.

26Sumigaw si Abner kay Joab, “Itigil na natin ang patayang ito! Wala itong magandang ibubunga. Patigilin mo na ang iyong mga tauhan sa paghabol sa kanilang mga kamag-anak.”

27Sumagot si Joab, “Saksi ko ang Diyos na buháy. Kung hindi ka nagsalita, hindi ka nila titigilan hanggang umaga.”

28Kaya't hinipan ni Joab ang trumpeta at ang lahat niyang tauhan ay huminto sa pagtugis sa hukbo ng Israel. At huminto na ang kanilang labanan.

29Pagkatapos, si Abner at ang kanyang mga tauha'y magdamag at hanggang tanghaling naglakad sa Araba. Tumawid sila ng Jordan hanggang sa makarating sa Mahanaim.

30Nagbalik naman si Joab at hindi na itinuloy ang paghabol kay Abner. Nang tipunin ang kanyang hukbo, nalaman niyang kulang ng labingsiyam ang kanyang mga tauhan, bukod pa kay Asahel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

31Sa panig naman ng mga Benjaminita na pinangunahan ni Abner ay 360 ang napatay.

32Inilibing nila si Asahel sa libingan ng kanyang ama sa Bethlehem. Magdamag na naglakad ang mga tauhan ni Joab at mag-uumaga na nang dumating sila sa Hebron.

## 2 Samuel 3

1Tumagal ang digmaan sa pagitan ng mga tauhan nina David at ng angkan ni Saul. Lumakas nang lumakas ang pangkat ni David samantalang patuloy namang humina ang angkan ni Saul.

### Mga Anak ni David sa Hebron

2Samantalang nasa Hebron, ito ang mga naging anak na lalaki ni David: ang panganay ay si Amnon na anak niya kay Ahinoam.

3Si Quileab ang sumunod na anak naman niya kay Abigail, ang balo ni Nabal. Ang ikatlo'y si Absalom na anak kay Maaca na anak ni Talmai na hari sa Gesur.

4Si Adonias ang ikaapat, anak niya kay Haggit; ang ikalima'y si Sefatias, anak niya kay Abital;

5at ang ikaanim ay si Itream, anak niya kay Egla. Ang mga ito ang naging anak ni David sa Hebron.

### Ang Kasunduan nina Abner at David

6Habang naglalaban ang mga pangkat nina Saul at David, si Abner ang kinilalang pinuno ng mga tauhan ni Saul.

7Minsa'y pinagsabihan ni Isboset si Abner, “Bakit mo sinipingan si Rizpa, ang anak ni Aya, ang asawang-lingkod ng aking ama?”

8Nagalit si Abner sa sinabing ito ni Isboset at sumagot siya, “Anong palagay mo sa akin, isang taksil? Isang lihim na tauhan ng Juda? Hanggang sa araw na ito'y tapat ako sa sambahayan ng iyong amang si Saul, sa kanyang mga kapatid at mga kaibigan. Maging ikaw ay hindi ko ipinagkanulo kay David; bakit pagbibintangan mo ako sa babaing ito?

9Saksi ko ang Diyos; tulungan sana niya ako upang maisakatuparan ang pangako ni Yahweh kay David

10na maalis ang kaharian mula sa sambahayan ni Saul, at maitatag ang paghahari ni David sa Juda, mula sa Dan hanggang Beer-seba.”

11Hindi nakasagot si Isboset dahil sa takot kay Abner.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12 Nagpadala si Abner ng mga sugo kay David sa Hebron at ito ang ipinasabi, "Kanino nga ba ang lupaing ito? Makipagkasundo ka sa akin at tutulungan kitang mapasaiyo ang buong Israel."

13 "Mabuti!" tugon ni David. "Papayag ako sa isang kondisyon: Hindi ka muna makikipagkita sa akin hangga't hindi mo nadadala rito si Mical na anak ni Saul."

14 Samantala, nagpadala rin si David ng mga sugo kay Isboset at ito naman ang ipinasabi, "Dalhin mo sa akin si Mical, ang napangasawa ko bilang kapalit ng sandaang balat ng pinagtulian ng mga Filisteo."

15 Kaya't pinahiwalay ni Isboset si Mical sa asawa nito, kay Paltiel na anak ni Lais.

16 Sumama si Paltiel hanggang Bahurim, at habang daa'y umiiyak. Ngunit ang lalaki'y pinabalik ni Abner at hindi ito nakatutol.

17 Nilapitan ni Abner ang pinuno ng Israel at sinabi, "Matagal nang hinahangad ninyong maging hari si David.

18 Dumating na ang panahon upang matupad iyan. Ganito ang sinabi ni Yahweh tungkol sa kanya: 'Sa pamamagitan ni David, ililigtas ko ang bansang Israel mula sa kamay ng mga Filisteo at iba pa nilang mga kaaway.'"

19 Kinausap din ni Abner ang lipi ni Benjamin. Pagkatapos, nagpunta siya sa Hebron at sinabi kay David ang pinagkasunduan ng mga Israelita at ng lipi ni Benjamin.

20 Nang tanggapin ni David si Abner, may kasama itong dalawampung tauhan. Hinandugan niya ito ng isang salu-salo.

21 Sinabi ni Abner kay David, "Ngayo'y lalakad na ako upang ihandog nang buong-buo ang Israel sa inyong kamahalan. Magpapasakop sila sa inyo at maghari kayo sa kanila ayon sa inyong kagustuhan." At mapayapang pinalakad ni David si Abner.

**Pinatay ni Joab si Abner**

22 Pagkaalis ni Abner, dumating naman mula sa pagsalakay ang mga kawal ni David sa pangunguna ni Joab. Napakarami nilang samsam na dala.

23 Nalaman agad ni Joab na si Abner ay nakipagkita sa hari at pinayagan nitong umalis nang payapa.

24 Pinuntahan agad ni Joab ang hari at sinabi, "Bakit po ninyo ginawa ito? Naparito na nga si Abner ay pinakawalan pa ninyo? Ngayo'y wala na siya!

25 Hindi ba ninyo kilala si Abner? Naparito siya upang pagtaksilan kayo, gusto lamang niyang tiktikan ang inyong mga ginagawa."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Pagkatalikod sa hari, ipinahabol agad ni Joab si Abner. Inabutan nila ito sa may balon ng tubig sa Sira. Hindi alam ni David ang mga nangyayaring iyon.

27Nang maibalik na sa Hebron si Abner, tinawag ito ni Joab sa may pintuan ng lunsod at kunwari'y mag-uusap lang sila nang sarilinan. Dito niya isinagawa ang paghihiganti sa pagkamatay ng kapatid niyang si Asahel. Sinaksak niya sa tiyan si Abner at ito'y namatay.

28Nang mabalitaan ito ni David, sinabi niya, “Ako at ang aking kaharian ay walang sagutin sa harap ni Yahweh sa pagkamatay ni Abner.

29Dapat itong panagutan ni Joab at ng kanyang sambahayan. Ang kanyang sambahayan sana'y huwag mawalan ng mga baldado, may sakit na tulo, sakit sa balat na parang ketong, mapapatay sa labanan o mamamatay sa gutom!”

30Ngunit sa ganoong paraan ginantihan ng magkapatid na Joab at Abisai si Abner dahil sa pagpatay nito kay Asahel sa labanan sa Gibeon.

31Iniutos ni David kay Joab at sa lahat ng kasama nito na punitin ang kanilang mga damit at magsuot ng panluksa bilang pagdadalamhati sa pagkamatay ni Abner. Pati ang Haring David ay nakipaglibing din

32nang si Abner ay ilibing sa Hebron. Umiyak nang malakas ang hari at ang mga taong-bayan.

33Ganito ang awit-pagluluksa ng hari: “O Abner, dapat ka bang mamatay gaya ng isang tulisan?

34Ikaw naman ay malaya't walang gapos ang mga kamay. Mga paa mo nama'y hindi natatanikalaan, ngunit ikaw ay namatay sa kamay ng mga tampalasan.” Pagkarinig nito'y muling tumangis ang mga tao.

35Hinimok nila si David na kumain kahit bahagya, ngunit sinabi nito: “Isinusumpa kong hindi ako kakain kahit ano hangga't hindi lumulubog ang araw.”

36Ang mga tao'y sumang-ayon sa nakita nilang ginawa ni David sapagkat ito'y nakalugod sa kanila, tulad ng iba pang ginawa ng hari.

37Noon nalaman ng buong Israel na walang kinalaman ang hari sa pagkamatay ni Abner.

38Sinabi ng hari sa kanyang mga alipin, “Hindi ba ninyo nalalamang isang dakilang pinuno ang nawala ngayon sa Israel?

39Kahit na ako'y hari, nanliliit ako at kinikilabutan sa kasamaang ginawa ng mga anak ni Zeruias. Hindi ito maaatim ng aking kalooban. Parusahan nawa sila ni Yahweh!”

## 2 Samuel 4

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Pinatay si Isboset

[1]Nang malaman ni Isboset na si Abner ay pinatay sa Hebron, pinagharian siya ng takot, pati ang buong Israel.

[2]Noo'y may dalawa siyang pinuno sa pagsalakay, sina Baana at Recab. Sila'y mga anak ni Rimon na taga-Beerot at mula sa lipi ni Benjamin. Ang Beerot ay dating sakop ng Benjamin,

[3]ngunit ang mga tagaroon ay tumakas at nagpunta sa Gitaim at doon na nanirahan.

[4]Isa pa sa mga apo ni Saul ay si Mefiboset na anak ni Jonatan. Limang taon siya noon nang mapatay sa Jezreel sina Saul at Jonatan. Nang dumating ang malagim na balita, dinampot siya ng tagapag-alaga upang itakas. Ngunit sa pagmamadali ay nabitawan siya at iyon ang dahilan ng kanyang pagkalumpo.

[5]Isang tanghali, sina Recab at Baana ay pumasok sa tahanan ni Isboset samantalang ito'y namamahinga.

[6]Hindi sila namalayang pumasok sapagkat ang babaing bantay-pinto ay nakatulog dahil sa pagod sa paglilinis ng trigo.

[7]Kaya't tuluy-tuloy sila sa silid ni Isboset at pinatay nila habang ito'y natutulog. Pinutol nila ang kanyang ulo saka sila tumakas. Magdamag silang naglakbay sa lupain ng Araba patungo sa Hebron.

[8]Dinala nila ang ulo ni Isboset kay David at ang sabi rito, “Narito ang ulo ng anak ni Saul, ang nagtangka sa iyong buhay. Ipinaghiganti ngayon ni Yahweh ang inyong kadakilaan!”

[9]Sumagot na may sumpa si David sa magkapatid na Recab at Baana, “Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, at tumulong sa akin sa lahat kong kagipitan.

[10]Hinuli ko at pinatay sa Ziklag ang taong nagbalita sa aking patay si Saul sa pag-aakalang matutuwa ako sa balitang iyon.

[11]Gaano pa kaya ang aking gagawin sa mga taong pumatay sa walang malay na natutulog sa sariling tahanan! Hindi kaya dapat kayong lipulin sa daigdig na ito dahil sa ginawa ninyong iyan?”

[12]Kaya't iniutos ni David na sila'y patayin at ganoon nga ang ginawa ng mga kawal. Pinutol nila ang mga kamay at paa ng magkapatid at ibinitin sa may lawa sa Hebron. Ang ulo naman ni Isboset ay dinala sa Hebron at isinama sa libingan ni Abner.

## 2 Samuel 5

### Naghari si David sa Israel at Juda
(1 Cro. 11:1-9; 14:1-7)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[1]Nagkaisa ang lahat ng lipi ng Israel na pumunta sa Hebron upang
makipagkita kay David. Sinabi nila, “Kami'y laman ng iyong laman at dugo ng
iyong dugo.

[2]Nang si Saul pa ang hari namin, pinangunahan mo ang mga kawal ng Israel
sa pakikipagdigma. Ipinangako sa iyo ni Yahweh na ikaw ang magiging
pastor ng Israel at ikaw ang mamumuno sa kanyang bayan.”

[3]Lahat ng pinuno ng Israel ay nagpunta nga sa Hebron at doo'y
nakipagkasundo sa kanya sa harapan ni Yahweh. Binuhusan nila ng langis
si David at kinilalang hari sa Israel.

[4]Tatlumpung taon na noon si David nang siya'y magsimulang maghari, at
naghari siya sa loob ng apatnapung taon.

[5]Sa Hebron, pitong taon at kalahati siyang namuno sa Juda. Sa Jerusalem
naman ay tatlumpu't tatlong taon siyang naghari sa buong Israel at Juda.

[6]Nang siya'y maging hari, pinangunahan niya ang kanyang mga kawal upang
lusubin ang mga Jebuseo na nasa Jerusalem. Sinabi nila kay David, “Hindi
ka makakapasok dito, kahit mga bulag at lumpo lamang ang magtanggol
dito.”

[7]Ngunit nakuha ni David ang kuta ng Zion at ito'y tinawag na Lunsod ni David
hanggang ngayon.

[8]Bago iyon nangyari ay sinabi ni David, “Sinumang may gustong sumalakay
sa mga Jebuseo ay umakyat sa daluyan ng tubig at patayin ang mga
kawawang bulag at pilay na iyon.” Doon nagmula ang kawikaang, “Walang
bulag o pilay na makakapasok sa templo ni Yahweh!”

[9]Doon tumira si David sa kuta at tinawag na Lunsod ni David. Pinalawak niya
ang lunsod mula sa Millo sa gawing silangan ng burol.

[10]Habang tumatagal ay lalong nagiging makapangyarihan si David sapagkat
sumasakanya si Yahweh, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

[11]Si Haring Hiram ng Tiro ay nagpadala ng mga sugo kay David. Pagkatapos,
nagpadala siya ng mga kahoy na sedar at mga karpintero at kanterong
gagawa ng palasyo ni David.

[12]Noon natiyak ni David na ang pagiging hari niya sa Israel ay pinagtibay na
ni Yahweh at ginawang maunlad ang kanyang kaharian alang-alang sa
bayang Israel.

[13]Paglipat niya sa Jerusalem buhat sa Hebron, siya ay kumuha pa ng
maraming asawa at asawang-lingkod. Nadagdagan pa ang kanyang mga
anak.

[14]Ito ang mga anak niya roon: sina Samua, Sobab, Natan, Solomon,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

15Ibhar, Elisua, Nefeg, Jafia,

16Elisama, Eliada at Elifelet.

### Nalupig ang mga Filisteo
(1 Cro. 14:8-17)

17Nang mabalitaan ng mga Filisteo na si David ay kinilala nang hari ng Israel, tinipon nila ang kanilang hukbo upang siya'y digmain. Umabot ito sa kaalaman ni David, kaya't nagpunta siya sa isang kuta.

18Dumating ang mga Filisteo at humanay sa kapatagan ng Refaim.

19Sumangguni si David kay Yahweh, “Lalabanan ko ba ang mga Filisteo? Matatalo ko ba sila?” tanong ni David. Sumagot si Yahweh, “Lumusob ka at magtatagumpay ka.”

20Lumusob nga si David at tinalo niya ang mga Filisteo sa Baal-perazim. Sinabi niya, “Nilupig ni Yahweh ang aking mga kaaway na parang dinaanan ng rumaragasang baha.” Kaya, Baal-perazim ang itinawag sa lugar na iyon.

21Naiwan ng mga Filisteo ang kanilang mga diyus-diyosan at ang mga iyo'y kinuha nina David.

22Ngunit nagbalik ang mga Filisteo at humanay muli sa kapatagan ng Refaim.

23Sumangguni na naman kay Yahweh si David at ito ang sagot: “Huwag mo silang lulusubin nang harapan. Lumigid ka sa kanilang likuran sa tapat ng mga puno ng balsam.

24Pagkarinig mo ng mga yabag sa itaas ng mga kahuyan, lumusob ka agad, sapagkat ako ang nangunguna upang gapiin sila.”

25Sinunod ni David ang iniutos ni Yahweh at tinalo nga nila ang mga Filisteo mula sa Geba hanggang Gezer.

## 2 Samuel 6

### Kinuha ni David ang Kaban ng Tipan
(1 Cro. 13:1-14; 15:25–16:6, 43)

1Pagkatapos nito, muling tinipon ni David ang mga piling kawal ng Israel; may tatlumpung libong kalalakihan lahat.

2Pinangunahan niya ang buong hukbo at nagpunta sila sa Baale-Juda upang kunin ang Kaban ng Tipan na kumakatawan sa kaluwalhatian ni Yahweh, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na nakaluklok sa ibabaw ng mga kerubin.

3Kinuha nila ito sa bahay ni Abinadab doon sa burol at isinakay sa isang bagong kariton na inaalalayan ng dalawang anak nito na sina Uza at Ahio.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Si Ahio ay nauuna ng paglakad sa kaban.

5Si David at ang buong bayan ng Israel ay buong galak na sumasayaw. Sila'y umaawit sa saliw ng mga lira, kudyapi, tamburin, kastaneta, at pompiyang.

6Nang malapit na sila sa may giikan ni Nacon, natalisod ang mga baka kaya't hinawakan ni Uza ang Kaban ng Tipan.

7Nagalit si Yahweh at siya'y pinarusahan sa ginawang iyon. Noon di'y namatay si Uza sa tabi ng Kaban ng Tipan.

8Nagalit si David dahil pinarusahan ni Yahweh si Uza. Hanggang ngayon, ang lugar na iyon ay tinatawag na Perez-uza.

9Dahil dito'y natakot si David kay Yahweh. Sinabi niya, “Paano ko iingatan ngayon ang Kaban ng Tipan?”

10Hindi niya ito mapangahasang dalhin sa Lunsod ni David, kaya't doon na niya inihatid sa bahay ni Obed-edom na taga-Gat.

11Tatlong buwang nanatili roon ang Kaban ng Tipan ni Yahweh, at pinagpala ni Yahweh si Obed-edom at ang kanyang sambahayan.

12May nagbalita kay Haring David na pinagpalang mabuti ni Yahweh si Obed-edom. Ito'y ikinagalak niya, kaya kinuha niya ang Kaban ng Tipan at dinala sa Jerusalem.

13Hindi pa man nakakalayo, nakakaanim na hakbang pa lamang ang mga may dala ng Kaban ng Tipan, pinahinto na sila ni David at naghandog sila ng isang toro at isang pinatabang baka.

14Isinuot ni David ang isang linong efod, at nagsasayaw siya sa harapan ni Yahweh.

15Habang lumalakad ang mga Israelita, nagsisigawan sila sa tuwa at hinihipan ang mga trumpeta.

16Nang sila'y papasok na ng lunsod, si David ay naglululundag at nagsasayaw. Nang siya'y madungawan ni Mical na anak ni Saul, hindi niya nagustuhan ang ginawa ni David.

17Ipinasok nila sa tolda ang Kaban ng Tipan at inilagay sa lugar na nakalaan dito. Si David nama'y muling nag-alay ng mga handog na susunugin sa harapan ni Yahweh.

18Pagkatapos, binasbasan niya ang mga tao sa pangalan ni Yahweh na Pinakamakapangyarihan sa Lahat.

19Bago nagsiuwi ang lahat ng mga Israelita, lalaki man o babae, sila'y pinakain ng tinapay, karne at pasas.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Pag-uwi ni David upang batiin ang kanyang pamilya, sinalubong siya ni Mical na may ganitong pagbati: “Dakilang araw ito sa hari ng Israel na parang baliw na nagsasayaw sa harapan ng mga aliping babae ng kanyang mga tauhan.”

[21]Sumagot si David, “Ginawa ko iyon upang parangalan si Yahweh. Sapagkat sa halip na ang iyong ama at ang kanyang sambahayan, ako ang pinili ni Yahweh na mamuno sa Israel. At patuloy pa akong magsasayaw upang parangalan si Yahweh,

[22]at gagawa pa nang mas masahol dito. Sa tingin mo'y hamak ako dahil sa aking ginawa, ngunit sa paningin ng mga babaing iyon ay marangal ang ginawa ko.”

[23]Si Mical na anak ni Saul ay hindi nagkaanak hanggang sa siya'y mamatay.

## 2 Samuel 7

### Ang Kasunduan ng Diyos kay David

(1 Cro. 17:1-15)

[1]Si David ay panatag nang nakatira sa kanyang palasyo. Sa tulong ni Yahweh, hindi na siya ginambala ng kanyang mga kaaway.

[2]Tinawag niya si Natan at sinabi, “Ang tahanan ko'y yari sa sedar, samantalang nasa isang tolda lamang ang Kaban ng Diyos.”

[3]Sumagot si Natan, “Isagawa mo ang iyong iniisip, sapagkat si Yahweh ay sumasaiyo.”

[4]Ngunit nang gabi ring iyon, sinabi ni Yahweh kay Natan,

[5]“Pumunta ka kay David na aking lingkod at sabihin mo, ‘Ipagtatayo mo ba ako ng tahanan?

[6]Mula nang ilabas ko sa Egipto ang Israel, wala pa akong bahay na masasabing akin. Hanggang ngayo'y tolda pa ang aking tahanan.

[7]Kahit lagi akong kasama ng Israel, wala akong sinabing anuman sa sinumang pinuno tungkol sa tahanang sedar na dapat kong tirhan, gayong ako ang pumili sa kanila upang mamahala sa aking kawan.’

[8]Sabihin mo rin sa lingkod kong si David ang salitang ito ni Yahweh: ‘Kinuha kita mula sa pagpapastol ng tupa upang gawing pinuno ng bayang Israel.

[9]Kasama mo ako saan ka man magtungo at lahat mong mga kaaway ay aking nilipol. Gagawin kong dakila ang iyong pangalan tulad ng mga dakilang tao sa daigdig.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10 Bibigyan ko ang Israel ng kanyang lupa at doon ko papatirahin. Wala nang gagambala sa kanila roon; wala nang taong mararahas na aalipin sa kanila tulad noong una,

11 buhat nang maglagay ako ng hukom nila. Magiging payapa ka sapagkat wala nang gagambala sa iyo. Bukod dito, akong si Yahweh ay nagsasabi sa iyo, papatatagin ko ang iyong sambahayan.

12 Pagkamatay mo, isa sa mga anak mong lalaki ang hahalili sa iyo bilang hari, at papatatagin ko ang kanyang kaharian.

13 Siya ang magtatayo ng templo para sa akin, at sa kanyang angkan magmumula ang maghahari sa aking bayan magpakailanman.

14 Ako'y kanyang magiging ama at siya'y aking magiging anak. Kung siya'y magkasala, paparusahan ko siya tulad ng pagpaparusa ng ama sa nagkakasalang anak.

15 Ngunit ang paglingap ko sa kanya'y hindi magbabago, di tulad ng nangyari kay Saul.

16 Magiging matatag ang iyong sambahayan, ang iyong kaharia'y hindi mawawaglit sa aking paningin at mananatili ang iyong trono magpakailanman.'"

17 Isinaysay nga ni Natan kay David ang lahat ng sinabi sa kanya ni Yahweh.

**Ang Panalangin ni David**

(1 Cro. 17:16-27)

18 Pagkatapos nito, pumasok sa tolda si Haring David, umupo at nanalangin. Sinabi niya, "Ako po at ang aking pamilya ay hindi karapat-dapat sa lahat ng kabutihang ginawa ninyo sa akin, Panginoong Yahweh.

19 Maaaring maliit na bagay lamang ito sa inyong paningin, O Panginoong Yahweh, subalit napakalaki para sa amin sapagkat tiniyak na ninyo ang magandang kalagayan ng sambahayan ko para sa hinaharap.

20 Wala na akong masasabi sapagkat kilala ninyo ang inyong lingkod.

21 Ayon sa inyong pangako, niloob ninyong maging dakila ang inyong lingkod.

22 Napakadakila mo, O Panginoong Yahweh. Wala pa kaming nababalitaang Diyos na tulad ninyo. Ikaw lamang ang Diyos.

23 Walang bansang maitutulad sa Israel. Ito'y hinango ninyo sa pagkaalipin upang maging inyong bayan. Ito lamang ang bansang pinagpakitaan ninyo ng mga kakila-kilabot at dakilang bagay para sila'y matulungan. Itinaboy ninyo ang ibang mga bansa at inalis ang kanilang mga diyus-diyosan pagdating nila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Yahweh, itinatag ninyo ang bansang Israel upang maging inyo magpakailanman at kayo po ang kanilang naging Diyos.

25"At ngayon PANGINOONG Yahweh, gawin ninyo ang inyong pangako sa inyong alipin at sa kanyang sambahayan.

26Pararangalan ang inyong pangalan ng lahat ng bansa at sasabihin nila, 'Si Yahweh, ang Makapangyarihan, ay Diyos ng Israel!' Sa gayon, magiging matatag sa harapan ninyo ang sambahayan ni David na inyong lingkod.

27Yahweh, Makapangyarihang Diyos ng Israel, nagkaroon ako ng lakas ng loob na manalangin ng ganito sapagkat kayo na rin ang nagsabi sa inyong lingkod na paghahariin ninyo sa Israel ang aking angkan.

28"Panginoong Yahweh, kayo'y tapat at tumutupad sa mga pangako ninyo sa akin.

29Ngayo'y pagpalain ninyo ang sambahayan ng inyong lingkod upang ito'y magpatuloy. Panginoong Yahweh, ikaw rin ang nangako nito kaya manatili nawa sa aking angkan ang iyong pagpapala."

## 2 Samuel 8

### Lumawak ang Kaharian ni David

(1 Cro. 18:1-13)

1Pagkatapos nito, nilusob at nilupig ni David ang mga Filisteo kaya't natapos ang paghahari ng mga ito sa lupaing iyon.

2Nilupig din niya ang mga Moabita. Pinahilera niya nang pahiga ang mga ito at sa pamamagitan ng isang panukat, nagpapasya siya kung sino ang dapat patayin. Bawat dalawang sukat ay ipinapapatay at ang pangatlong sukat ay pinaliligtas at pinagbabayad ng buwis.

3Tinalo rin niya si Hadadezer, ang anak ng Haring Rehob ng Soba. Si Hadadezer ay papunta noon sa mga lupain sa baybayin ng Ilog Eufrates upang bawiin ang mga lupaing iyon.

4Sa labanang ito'y 1,700 kawal na nakakabayo at 20,000 kawal na lakad ang nabihag ni David. Pinilayan niya ang mga kabayo, maliban sa itinira niyang sapat na bilang para humila ng sandaang karwahe.

5Ang napatay nilang tumulong kay Hadadezer na mga taga-Siria buhat sa Damasco ay dalawampu't dalawang libo.

6Nasakop din niya ang lugar na ito, kaya nagtayo siya ng mga himpilan sa Aram, malapit sa Damasco, at pinagbuwis niya ang mga tagaroon. Sa tulong ni Yahweh, si David ay nagtatagumpay saanman siya magpunta.

7Ang mga pananggang ginto ni Hadadezer na dala ng kanyang mga alipin ay sinamsam ni David at dinala sa Jerusalem.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[8]Marami rin siyang nasamsam na tanso sa Beta at Berotai, mga lunsod ni Hadadezer.

[9]Nang mabalitaan ni Haring Toi ng Hamat na tinalo ni David ang buong hukbo ni Hadadezer,

[10]isinugo niya ang kanyang anak na si Joram upang batiin si David, sapagkat si Hadadezer ay matagal nang kaaway ni Toi. Dinalhan siya ni Joram ng mga sisidlang pilak, ginto at tanso.

[11]Inilaan ni David ang mga ito para sa pagsamba kay Yahweh, kasama ng ginto at pilak na sinamsam niya sa mga bansang kanyang nilupig—

[12]sa Edom, sa Moab, sa Ammon, sa Filistia at sa Amalek—at bahagi ng kanyang nasamsam kay Hadadezer, anak ni Rehob na hari ng Soba.

[13]Si David ay lalong natanyag nang mapatay niya ang labingwalong libong Edomita sa Libis ng Asin.

[14]At bago siya bumalik, nagtayo muna siya ng mga himpilan sa buong Edom at naging alipin niya ang lahat ng mamamayan doon. Pinagtagumpay ni Yahweh si David saanman siya magpunta.

### Ang mga Opisyal ni David
(1 Cro. 18:14-17)

[15]Naghari si David sa buong Israel. Ipinatupad niya ang batas at pinairal ang katarungan.

[16]Ginawa niyang pinuno ng hukbo si Joab, anak ni Zeruias. Si Jehoshafat naman na anak ni Alihud ang kalihim ng pamahalaan.

[17]Si Zadok namang anak ni Ahitub at si Ahimelec na anak ni Abiatar ang mga pari. Ang tagapagtala at nag-iingat ng lahat ng kasulatan ay si Seraya.

[18]Si Benaias na anak ni Joiada ang pinamahala niya sa mga bantay na Kereteo at Peleteo. Ang mga lalaking anak ni David ay nagsilbi ring mga pari.

## 2 Samuel 9

### Ang Kagandahang-loob ni David

[1]Minsa'y nagtanong si David, “Mayroon pa bang nalalabi sa sambahayan ni Saul? Gusto kong ipadama sa kanya ang aking kagandahang-loob alang-alang kay Jonatan.”

[2]Nang buháy pa si Saul, may alipin siyang Ziba ang pangalan, kaya't ipinatawag ito ni David. Paglapit ni Ziba, tinanong siya ng hari, “Ikaw ba si Ziba?” “Ako nga po, mahal na hari” tugon niya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3“May nalalaman ka bang buháy sa sambahayan ni Saul? Gusto ko siyang pakitaan ng mabuti, ayon sa aking pangako sa Diyos,” wika ng hari. “Mayroon po. Si Mefiboset na anak ni Jonatan. Siya po'y isang lumpo,” tugon ni Ziba.

4“Saan siya naroon?” tanong muli ng hari. “Nasa Lo-debar po, nakatira sa bahay ni Maquir na anak ni Amiel,” sagot ni Ziba.

5Ipinasundo agad ni David

6si Mefiboset, anak ni Jonatan at apo ni Saul. Nang maiharap siya kay David, siya'y nagpatirapa bilang pagbibigay-galang. “Ikaw ba si Mefiboset?” tanong ng hari. “Ako nga po, mahal na hari” sagot naman nito.

7Sinabi ni David, “Huwag kang matakot. Gagawin ko ang lahat ng magagawa ko para sa iyo, alang-alang kay Jonatan. Ibabalik ko sa iyo ang lahat ng lupain ng iyong lolong si Saul, at laging nakahanda ang aking hapag para sa iyo.”

8Nagpatirapang muli si Mefiboset, at sinabi niya, “Sino po ako para pag-ukulan ng pansin? Ako'y walang silbi!”

9Tinawag ni David si Ziba at sa harapan niya'y sinabi, “Ibibigay ko sa apo ni Saul ang lahat ng ari-arian niya at ng kanyang sambahayan.

10Kayo ng iyong mga anak at mga alipin ang magbubungkal ng kanyang lupain. Aalagaan ninyong mabuti upang mag-ani nang sagana at magkaroon ng sapat na pagkain ang sambahayan ng iyong panginoon. Ngunit si Mefiboset ay sa akin sasalo ng pagkain.” Ang mga anak ni Ziba ay labinlima at dalawampu ang kanyang mga alipin.

11Sumagot si Ziba, “Masusunod pong lahat ang utos ninyo, Kamahalan.” At mula noo'y kasalo na ni David si Mefiboset, parang tunay na anak niya.

12Si Mefiboset ay may bata pang anak na lalaki na ang pangala'y Mica. Mula nga noon, ang buong sambahayan ni Ziba ay naglingkod kay Mefiboset.

13Kaya't si Mefiboset na pilay ang parehong paa ay nanirahan sa Jerusalem, at kasalo ng hari sa pagkain.

## 2 Samuel 10

### Nalupig ang Ammon at Aram

(1 Cro. 19:1-19)

1Hindi nagtagal at namatay ang hari ng mga Ammonita. Ang pumalit dito ay ang anak niyang si Hanun.

2Sinabi ni David, “Kakaibiganin ko si Hanun, ang anak ni Nahas, sapagkat kaibigan kong matalik ang kanyang ama.” Kaya't nagsugo siya ng mga kinatawan upang makiramay sa kanya. Ngunit nang dumating ang mga ito,

3sinabi ng mga pinunong Ammonita kay Hanun, “Nakakatiyak ba kayo na talagang pinaparangalan ni David ang inyong ama sa kanyang pakikiramay

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

sa inyo? Hindi kaya lihim na nagmamanman lamang ang mga sugong ito para masakop ang lunsod?”

4Kaya't ipinahuli ni Hanun ang mga sugo ni David, inahit ang kalahati ng kanilang balbas, at ginupit ang kanilang kasuotan hanggang sa balakang, saka ipinagtabuyan.

5Nang mabalitaan ni David ang ginawang paghamak na ito, ipinasalubong niya ang kanyang mga sugo sapagkat sila'y nahihiyang magbalik. Inutusan niyang doon na muna sila sa Jerico, hanggang hindi tumutubong muli ang kanilang balbas.

6Nang malaman ng mga Ammonita na ito'y ikinagalit ni David, umupa sila ng 20,000 kawal mula sa Aram buhat sa Beth-rehob at Soba. Umupa rin sila ng 1,000 tauhan sa pangunguna ng hari ng Maaca, at 12,000 pang taga-Tob.

7Nalaman ito ni David, kaya't pinalabas niya si Joab kasama ang lahat niyang mandirigma.

8Dumating naman ang mga Ammonita at humanay sa pintuan ng lunsod. Samantala, sa labas ng kapatagan naman humanay ang mga kawal ng Aram, kasama ang mga tauhan nina Tob at Maaca.

9Nang makita ni Joab ang mga kaaway sa kanilang harapan at likuran, itinapat niya sa mga kawal ng Aram ang pinakamahuhusay na kawal Israelita.

10Ang iba niyang kawal ay ipinailalim niya sa pamumuno ni Abisai na kanyang kapatid, at iniharap naman sa mga Ammonita.

11Sinabi ni Joab kay Abisai, “Kung hindi namin makakaya ang mga kawal ng Aram, tulungan ninyo kami. Kung hindi naman ninyo kaya ang mga Ammonita, kayo ang tutulungan namin.

12Magpakatapang kayo! Lakasan ninyo ang loob sa paglaban alang-alang sa bayan at sa mga lunsod ng ating Diyos, at mangyari nawa ang kalooban ni Yahweh.”

13Lumusob sina Joab at nang malapit na sila'y nagtakbuhan sa takot ang mga kawal ng Aram.

14Pagkakita ng mga Ammonita sa nangyari, umatras na rin sila at pumasok sa lunsod dahil sa takot kay Abisai. Mula sa labanan, si Joab ay nagbalik sa Jerusalem.

15Nang malaman ng mga taga-Siria na sila ay natalo ng mga Israelita, muli nilang tinipon ang kanilang hukbo.

16Ipinatawag ni Hadadezer ang kanyang mga tauhan sa silangan ng Ilog Eufrates. Dumating sila sa Elam at ipinailalim sa pamumuno ni Sobac.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Umabot agad ito sa kaalaman ni David, kaya't tinipon niya ang buong hukbo ng Israel. Tumawid sila ng Ilog Jordan upang harapin ang mga kaaway sa Elam. Humanda naman ang mga kawal ng Aram, at sila'y naglaban.

18Nalupig na naman sila at nagsitakas habang tinutugis ng mga Israelita. Ang napatay nina David ay 700 nakakarwahe at 40,000 kawal na nakakabayo. Pati si Sobac ay nasugatan nang malubha at namatay sa pook ng labanan.

19Nang makita ng mga haring sakop ni Hadadezer na wala silang kalaban-laban sa Israel, sumuko na sila. Mula noon, hindi na tumulong kailanman ang mga taga-Siria sa mga Ammonita.

## 2 Samuel 11

### Si David at Batsheba

1Nang sumapit ang tagsibol, panahon na karaniwang nakikipagdigma ang mga hari, pinalabas ni David ang buong hukbo ng Israel. Sa pangunguna ni Joab at ng iba pang mga pinuno, pinuksa nila ang mga Ammonita at kinubkob ang Rabba. Subalit si David ay nagpaiwan sa Jerusalem.

2Isang hapon, pagkagising ni David, umakyat siya sa bubungan ng palasyo at naglakad-lakad. Mula roon, may natanaw siyang isang babaing naliligo. Napakaganda ng babae.

3Ipinagtanong niya kung sino iyon. Sinabi sa kanya na iyo'y si Batsheba, anak ni Eliam at asawa ni Urias na isang Heteo.

4Ipinakuha niya si Batsheba na noo'y katatapos pa lamang ng kanyang paglilinis ayon sa tuntunin para sa mga babaing nireregla. Sinipingan siya ni David, at pinauwi pagkatapos.

5Dahil sa nangyaring ito, si Batsheba'y nabuntis, at ipinasabi niya ito kay David.

6Inutusan agad ni David si Joab na papuntahin sa kanya si Urias na Heteo. Iyon nga ang ginawa ni Joab.

7Nang dumating ito, tinanong siya ni David, “Kumusta si Joab at ang hukbo? Ano ang lagay ng labanan?”

8Sinabi pa niya kay Urias, “Umuwi ka na at sipingan ang iyong asawa sapagkat nanggaling ka pa sa malayong paglalakbay.” Lumakad nga si Urias. Ang hari ay nagpadala pa ng regalo para sa tahanan nito.

9Ngunit hindi pala ito nagtuloy sa kanila. Sa halip, doon siya natulog sa may tarangkahan ng palasyo, kasama ng mga bantay.

10Nalaman ito ni David at sinabi niya kay Urias, “Hindi ba't kararating mo lang buhat sa isang mahabang paglalakbay? Bakit hindi ka umuwi?”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Sumagot siya, "Ang Kaban ng Tipan at ang mga kawal ng Israel at Juda ay nasa mga tolda lamang, at sa labas naman natutulog ang aking pinunong si Joab at ang inyong mga punong-kawal. Sa ganitong kalagayan, hindi po maaatim ng aking kaloobang ako'y umuwi upang magpakaligaya sa piling ng aking asawa. Sa harapan ng Diyos, hindi ko po magagawa iyon."

12Sinabi ni David kay Urias, "Dumito ka muna ng isa pang araw at bukas ka na umalis." Kaya nanatili siya sa Jerusalem nang araw na iyon.

13Kinabukasan, inanyayahan ni David sa pagkain si Urias at ito'y kanyang nilasing. Hindi rin ito umuwi nang gabing iyon, bagkus natulog na kasama rin ng mga bantay.

14Kinabukasan, sumulat si David kay Joab at ipinadala kay Urias.

15Ganito ang nilalaman: "Ilagay mo si Urias sa unahan kung saan mainit ang labanan. Pagkatapos, iwan mo siya roon at bayaan mo siyang mapatay."

16Habang pinapaligiran nina Joab ang lunsod, inilagay niya si Urias sa gawing malalakas ang kaaway.

17Lumabas ang mga kaaway mula sa lunsod, at sinalakay ang mga kawal ni Joab. Napatay ang ilang pinuno ni David, kasama si Urias.

18Ipinadala ni Joab kay David ang ulat tungkol sa labanan.

19Ngunit ito ang ipinagbilin niya, "Matapos mong ibalita sa hari ang tungkol sa labanan,

20maaaring siya'y magalit at itanong, 'Bakit kayo nagpakalapit sa lunsod? Hindi ba ninyo alam na maaari kayong panain mula sa itaas ng pader?

21Hindi ba ninyo alam ang dahilan ng pagkamatay ni Abimelec na anak ni Gideon? Siya'y nabagsakan ng batong gilingan na inihulog ng isang babae mula sa itaas ng pader sa Tebez. Bakit masyado kayong lumapit sa pader?' Kung magkagayon, saka mo sabihing napatay rin si Urias."

22Lumakad ang sugo at nag-ulat kay David ayon sa sinabi ni Joab.

23Sinabi niya sa hari, "Lumabas po ang maraming mga kaaway at nilusob kami, ngunit napaurong namin sila hanggang sa may pasukan ng lunsod.

24Noon po nila kami tinudla mula sa pader at ilan sa inyong mga pinuno ang napatay. Napatay rin po si Urias."

25Sumagot si David, "Kung gayon, sabihin mo kay Joab na huwag ikalungkot ang nangyari, sapagkat talagang ganyan ang labanan, may napapatay. Ipagpatuloy ninyo ang paglusob hanggang sa mawasak ang lunsod. Sabihin mong huwag masisira ang kanyang loob."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Nang mabalitaan ni Batsheba na napatay si Urias, siya'y nagluksa. Pagkatapos ng pagluluksa,

27ipinatawag siya ni David at naging asawa nito. Nagkaanak siya ng isang lalaki, ngunit hindi nalugod si Yahweh sa ginawang ito ni David.

## 2 Samuel 12

### Ang Mensahe ni Natan para kay David

1Isinugo ni Yahweh kay David ang propetang si Natan. Pagdating doon ay sinabi niya, "Sa isang lunsod ay may dalawang lalaki, mayaman ang isa at ang isa'y dukha.

2Maraming kawan at bakahan ang mayaman,

3samantalang ang dukha ay may isa lamang munting babaing tupa. Inalagaan niya ito at pinalaking kasama ng kanyang mga anak. Kinakalong niya itong parang anak na babae, isinasalo sa pagkain at pinapainom.

4Minsan, may manlalakbay na naging panauhin ng mayamang lalaki. Sa halip na sa kanyang kawan kumuha ng hayop na papatayin, ang kaisa-isang tupa ng dukhang iyon ang kinuha ng mayaman. At iyon ang inihanda niya para sa kanyang panauhin."

5Napasigaw sa galit si David, "Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, dapat mamatay ang taong iyan!

6Kailangang magbayad siya nang apat na beses sa kanyang ginawa, sapagkat inapi niya ang dukha."

7Sinabi agad ni Natan kay David, "Ikaw ang lalaking iyon! Ito ang ipinapasabi sa iyo ni Yahweh, ang Diyos ng Israel: 'Ginawa kitang hari ng Israel, iniligtas kita mula sa mga kamay ni Saul.

8Ibinigay ko na rin sa iyo ang sambahayan at mga asawa ni Saul pati ang mga lipi ng Israel at Juda. At mabibigyan pa kita ng higit pa riyan.

9Bakit mo hinamak ang salita ni Yahweh at gumawa ka ng masama sa kanyang paningin? Ipinapatay mo ang Heteong si Urias sa mga Ammonita at kinuha mo pa ang kanyang asawa.

10Dahil sa ginawa mong ito, at ako'y itinakwil mo, tandaan mong laging may mamamatay sa patalim sa iyong sambahayan.'

11Sinabi pa rin ni Yahweh, 'Pag-aawayin ko ang iyong sambahayan; sa harapan mo'y ibibigay ko sa iba ang iyong mga asawa, at sisipingan sila kahit sa katanghaliang-tapat.

12Ginawa mo ito nang lihim, hayag kitang paparusahan at makikita ito ng buong Israel.'"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Sinabi ni David kay Natan, “Nagkasala ako kay Yahweh.” Sumagot si Natan, “Pinapatawad ka na ni Yahweh at hindi ka mamamatay.

14Ngunit dahil nilapastangan mo si Yahweh, ang magiging anak mo ang mamamatay.”

15Pagkatapos nito'y umuwi na si Natan.

### Namatay ang Anak ni David

Tulad ng sinabi ni Yahweh, ang anak ni David sa asawa ni Urias ay nagkasakit nang malubha.

16Nanalangin si David sa Diyos para gumaling ang bata. Nagdamit siya ng panluksa at nag-ayuno, at sa lupa nahiga nang gabing iyon.

17Lumapit sa kanya ang matatandang pinuno sa palasyo at hinimok siyang bumangon, ngunit tumanggi siya. Ayaw rin niyang kumain.

18Pagkalipas ng anim na araw, namatay ang bata. Hindi nila ito masabi kay David, sapagkat iniisip nilang lalo silang hindi papakinggan nito at sa halip ay gumawa ng marahas na hakbang.

19Nakita ni David na nagbubulungan ang mga alipin, kaya't naghinala siyang patay na ang bata. “Patay na ba ang bata?” tanong niya. “Patay na nga po kamahalan,” sagot naman nila.

20Pagkarinig nito, bumangon si David, naligo at nagbihis. Pumasok siya sa bahay ni Yahweh, nagpatirapa at nanalangin. Pagkatapos, umuwi siya at humingi ng pagkain.

21Tinanong siya ng kanyang mga tauhan, “Hindi po namin kayo maintindihan. Noong buháy pa ang bata, nag-ayuno kayo at tumangis dahil sa kanya; ngayong patay na, bumangon kayo at kumain!” Sumagot si David,

22“Noong buháy pa ang bata, ako'y nag-ayuno at tumangis sa pag-asa kong kahahabagan ako ni Yahweh at pagagalingin ang aking anak.

23Ngayong patay na siya, bakit pa ako mag-aayuno; maibabalik ko pa ba ang kanyang buhay? Balang araw, susunod ako sa kanya ngunit hindi na siya makakabalik sa akin.”

### Ipinanganak si Solomon

24Inaliw ni David si Batsheba at sinipingan muli. Muli itong nagdalang-tao at nanganak ng isang lalaki. Solomon ang ipinangalan ni David sa bata.

25Palibhasa'y mahal ni Yahweh ang bata, isinugo niya si propeta Natan upang sabihing Jedidia ang itawag sa bata na ang ibig sabihi'y, “Mahal ni Yahweh.”

### Ginapi ni David ang Rabba

(1 Cro. 20:1-3)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[26]Samantala, ipinagpatuloy ni Joab ang pagsalakay at handa na niyang pasukin ang Rabba, ang pangunahing lunsod ng mga Ammonita.

[27]Nagpadala siya ng mga sugo kay David upang ibalita na lumusob na siya sa Rabba at naagaw ang ipunan ng tubig doon.

[28]Kaya kailangang pangunahan naman niya ang iba pang kawal sa pagpasok sa lunsod. "Kapag hindi siya sumama," sabi ni Joab, "ako ang sasalakay at akin ang karangalan."

[29]Pagkatanggap ng balita, inihanda ni David ang kanyang hukbo, nilusob ang Rabba, at nagtagumpay siya.

[30]Inalisan niya ng korona ang diyus-diyosang si Malcam, at ipinutong ito sa kanyang ulo. May mahahalagang bato ang koronang ginto at ang bigat nito'y 35 kilo. Marami rin siyang samsam na inilabas sa lunsod.

[31]Binihag niya ang mga mamamayan, at pumili siya sa mga ito ng mga kantero, panday at karpintero, at pinagawa niya ng mga adobe. Ganito ang ginawa ni David sa lahat ng lunsod ng mga Ammonita bago sila nagbalik sa Jerusalem.

## 2 Samuel 13

### Si Amnon at si Tamar

[1]Si Absalom, isang anak na lalaki ni David, ay may magandang kapatid na babae, si Tamar. Si Amnon, isa ring anak na lalaki ni David sa ibang babae, ay umibig kay Tamar.

[2]Dahil sa labis na pag-ibig sa kapatid niyang ito, siya ay nagkasakit. Hindi niya malaman ang gagawin at kung paano makukuha si Tamar sapagkat ito'y isang birhen.

[3]Ngunit may napakatusong kaibigan si Amnon na ang pangala'y Jonadab. Pamangkin ito ni David sa kanyang kapatid na si Simea.

[4]Sinabi ni Jonadab kay Amnon, "Ikaw ay isang anak ng hari ngunit tuwing umaga'y napapansin kong matamlay ka, bakit ba?" Ipinagtapat ni Amnon na umiibig siya kay Tamar.

[5]Kaya't sinabi ni Jonadab, "Ganito ang gawin mo. Mahiga ka sa kama at magkunwari kang may sakit. Pagdalaw ng iyong ama, sabihin mong papuntahin si Tamar upang magluto ng pagkain mo. Gusto mong makita siyang nagluluto at siya na rin ang magpakain sa iyo."

[6]Kaya't nahiga nga si Amnon at nagsakit-sakitan. Pagdating ng hari, sinabi niya, "Sabihin naman ninyo kay Tamar na pumarito, at ipagluto ako ng tinapay. Gusto ko pong makitang siya ang nagluluto, at siya na rin ang magpakain sa akin."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7 Ipinagbilin nga ni David na magpunta si Tamar sa tirahan ni Amnon upang ipaghanda ito ng pagkain.

8 Nagpunta naman si Tamar at dinatnan niya itong nakahiga. Kumuha siya ng minasang harina at nagluto ng ilang tinapay habang pinagmamasdan siya ni Amnon.

9 Kinuha niya ito sa kawali at inihain kay Amnon, ngunit ayaw nitong kumain. Inutusan niyang lumabas ang lahat maliban kay Tamar.

10 Pagkatapos, sinabi niya, “Tamar, dalhin mo rito sa silid ang pagkain at subuan mo ako.” Dinala nga niya sa silid ang pagkain ni Amnon.

11 Nang ibibigay na ito sa kanya, biglang hinawakan ni Amnon ang kamay ni Tamar at sinabi, “Sumiping ka sa akin, kapatid ko.”

12 “Huwag, kapatid ko!” sabi ng dalaga. “Huwag mo akong halayin. Hindi iyan pinahihintulutan sa bayang Israel. Huwag mong gawin ang kahalayang ito.

13 Lalabas akong kahiya-hiya sa buong Israel. At ikaw, ano pa ang mukhang ihaharap mo sa mga tao? Bakit hindi ka na lang magsabi sa hari? Palagay ko'y hindi siya tututol na pakasalan mo ako.”

14 Ngunit hindi nakinig si Amnon at dahil mas malakas siya, nagawa niyang pagsamantalahan si Tamar.

15 Matapos siyang pagsamantalahan, si Amnon ay namuhi sa kanya ng pagkamuhing higit pa kaysa hibang na pag-ibig na dating iniukol niya rito. “Umalis ka na!” sabi niya kay Tamar.

16 “Hindi ako aalis!” sagot ng babae. “Ang pagtataboy mong ito ay masahol pa sa kalapastanganang ginawa mo sa akin!” Ngunit hindi siya pinansin ni Amnon.

17 Sa halip, inutusan nito ang isang katulong niya, “Palayasin mo ang babaing iyan at ikandado mo ang pinto pagkatapos!”

18 Pinalabas nga siya ng katulong, at ikinandado ang pinto. Suot noon ni Tamar ang damit na may mahabang manggas, ang damit na karaniwang isinusuot noon ng mga birheng anak ng hari.

19 Pinunit niya ito at nilagyan ng abo ang kanyang ulo. Pagkatapos, tinakpan ng kanyang mga kamay ang mukha, at umalis na umiiyak nang malakas.

20 Nakita siya ni Absalom at tinanong, “May masama bang ginawa sa iyo si Amnon? Kung mayroon ma'y huwag mo nang alalahanin. Siya'y kapatid mo rin kaya't manahimik ka na lang.” Taglay ang matinding kalungkutan, si Tamar ay nanirahan na lang sa bahay ni Absalom.

21 Galit na galit si Haring David nang mabalitaan ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Si Absalom nama'y suklam na suklam kay Amnon dahil sa paglapastangan
nito sa kapatid niyang si Tamar. Hindi na niya ito kinibo mula noon.

### Gumanti si Absalom

23Pagkaraan ng dalawang taon, inanyayahan ni Absalom ang lahat ng anak
ng hari upang saksihan ang paggugupit sa kanyang mga tupa sa Baal-hazor,
malapit sa Efraim.

24Lumapit siya sa hari upang ipaalam ang bagay na ito, at tuloy anyayahan
naman siya at ang kanyang mga pinuno.

25"Huwag na, anak," wika ng hari. "Maaabala kang masyado kung dadalo
kaming lahat." Pinilit siya ni Absalom ngunit hindi rin pumayag. Binasbasan
na lang siya ng hari.

26Bago umalis si Absalom, sinabi niya sa hari, "Kung hindi kayo makakadalo,
si Amnon na lang po ang pasamahin ninyo sa amin." "Bakit mo siya
isasama?" tanong ng hari.

27Ngunit nagpumilit si Absalom, at pinasama na rin ng hari si Amnon at ang
iba pang mga kapatid nito.

28Iniutos ni Absalom sa kanyang mga alipin, "Bantayan ninyo si Amnon at
kapag lasing na, sesenyas ako at patayin ninyo siya. Hindi kayo dapat
matakot. Ako ang mananagot nito. Lakasan ninyo ang inyong loob at huwag
kayong mag-atubili!"

29Ganoon nga ang ginawa ng mga alipin; pinatay nila si Amnon. Kaya't
nagmamadaling tumakas ang mga anak na lalaki ng hari, sakay ng kani-
kanilang mola.

30Nasa daan pa sila'y may nagbalita na kay David na pinatay ni Absalom ang
lahat ng anak niyang lalaki.

31Kaya't tumayo siya, pinunit ang kanyang kasuotan at naglupasay sa lupa.
Pinunit din ng mga alipin niya ang kanilang damit.

32Ngunit si Jonadab, ang pamangkin ni David kay Simea, ay lumapit sa hari.
Sinabi niya, "Huwag po kayong maniwala na pinatay ang lahat ninyong anak
na lalaki. Si Amnon po lang ang pinatay! Siya po lamang ang pinag-initan ni
Absalom mula nang pagsamantalahan niya si Tamar.

33Kaya, huwag po kayong maniwala sa balitang iyon; talaga pong si Amnon
lamang ang pinatay."

34Samantala, si Absalom ay tumakas matapos ipapatay si Amnon. Ang
bantay sa palasyo'y may natanaw na pulutong ng mga taong bumababa sa
burol, sa gawi ng Horonaim.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

35Kaya't sinabi ni Jonadab sa hari, "Dumarating na po ang mga anak ninyo, tulad ng sinabi ko sa inyo."

36Nag-uusap pa sila'y dumating nga ang mga prinsipe na nag-iiyakan. Umiyak na rin ang hari at ang kanyang mga lingkod.

37Mahabang panahong nagluksa ang hari dahil sa pagkamatay ni Amnon. Si Absalom nama'y nagtago kina Talmai, anak ng haring Amihud ng Gesur.

38Tatlong taon siyang nagtago roon.

39Pagkalipas ng pagdadalamhati ng hari sa pagkamatay ni Amnon, nanabik siyang makita si Absalom.

## 2 Samuel 14

### Binalak ni Joab na Maibalik si Absalom

1Napansin ni Joab, anak ni Zeruias, na ang hari ay nananabik na makita si Absalom.

2Kaya't nagpahanap siya sa Tekoa ng isang matalinong babae. Nang dumating ito ay sinabi niya, "Magsuot ka ng panluksa at magkunwari kang biyuda. Huwag kang mag-aayos para magmukha kang matagal nang nagluluksa.

3Pagkatapos, pumunta ka sa hari at sabihin mo sa kanya ang ipagbibilin ko sa iyo." Matapos silang mag-usap ni Joab, lumakad na ang babae.

4Pagdating sa hari, siya'y nagpatirapa bilang pagbibigay-galang. Sinabi niya, "Tulungan po ninyo ako, mahal na hari!"

5"Bakit? Ano bang nangyari sa iyo?" tanong ng hari. "Ako po'y isang biyuda,

6may dalawa akong anak na lalaki. Minsan po'y nag-away sila sa bukid. Walang umawat sa kanila, kaya't napatay ang isa.

7Dahil doon, pinuntahan ako ng mga kamag-anak ng aking asawa. Galit na galit po sila at pilit na kinukuha ang anak kong buháy upang patayin din dahil sa pagkapatay nito sa kanyang kapatid. Kung magkagayon, mawawala na ang natitirang pag-asa ko sa buhay, at mapuputol ang lahi ng aking asawa."

8Sinabi ng hari, "Umuwi ka na't ako na ang bahala."

9Ngunit sinabi ng babae, "Mahal na hari, anuman po ang inyong maging pasya, kami rin ang dapat sisihin. Wala po kayong dapat panagutan."

10Sinabi ng hari, "Kapag may bumanggit pa nito sa iyo, iharap mo sa akin para wala nang gumambala sa iyo."

11"Kung ganoon po," wika ng babae, "ipanalangin po ninyo kay Yahweh na inyong Diyos na huwag na nilang paghigantihan ang aking anak." Sumumpa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ang hari, “Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, walang masamang mangyayari sa anak mo.”

12“Isa pa pong kahilingan kung maaari, Kamahalan,” patuloy ng babae. “Sabihin mo,” sagot ng hari.

13At nagsalaysay ang babae. “Bakit po naman naisipan ninyong gawin ang ganoong kasamaan sa bayan ng Diyos? Sa inyo na rin pong bibig nanggaling ang hatol sa inyong Kamahalan sa hindi ninyo pagpapabalik sa inyong anak na inyong ipinatapon!

14Mamamatay tayong lahat at matutulad sa tubig na matapos matapon ay hindi na mapupulot. Kung hindi man ibinabalik ng Diyos ang buhay ng isang patay, ginagawan naman niya ng paraang mabalik ang isang ipinatapon.

15Sinabi ko po ito sa inyo dahil sa pagbabanta sa akin ng mga tao. Inisip ko pong kung ito'y ipagtapat ko sa inyo, maaaring dinggin ninyo ako at tulungan.

16Kaya't maliligtas ako at ang aking anak sa mga nagtatangka sa aming buhay at naghahangad na angkinin ang lupaing ipinamana ng Diyos sa kanyang bayan.

17Iniisip ko rin po na ang salita ninyo ay makapagdudulot sa akin ng kapanatagan sapagkat tulad kayo ng anghel ng Diyos na nalalaman ang lahat ng bagay. Sumainyo nawa si Yahweh na inyong Diyos!”

18Sinabi ng hari, “Tatanungin kita. Magsabi ka ng totoo.” “Opo, Kamahalan,” wika niya.

19“May kinalaman ba si Joab sa ginagawa mong ito?” tanong ng hari. “Mayroon nga po,” tugon niya. “Totoo pong ang lingkod ninyong si Joab ang nag-utos nito sa akin. Siya pong kumatha ng lahat ng sinasabi ko.

20Ginawa po niya ito upang ipaalala sa inyo ang katayuan ng inyong anak. Ngunit kayo, Kamahalan, ay kasing talino ng anghel ng Diyos, at alam ninyo ang lahat ng nangyayari sa lupain.”

21Dahil sa ginawang ito, tinawag ng hari si Joab at sinabi, “Pumapayag na akong pauwiin mo na rito si Absalom.”

22Buong pagpapakumbabang nagpatirapa si Joab, at nang mabasbasan, sinabi niya, “Ngayon ko po natiyak ang kagandahang-loob ng inyong Kamahalan, sapagkat pinagbigyan ninyo ako sa aking kahilingan.” At siya'y nagpaalam.

23Nagpunta agad si Joab sa Gesur at isinama sa Jerusalem si Absalom.

24Ngunit hindi pinahintulutan ng hari na iharap sa kanya ito, kaya't doon na siya nagtuloy sa sariling tahanan.

### Ang Kakisigan ni Absalom

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Walang lalaki sa Israel na hinahangaan sa kakisigan tulad ni Absalom; walang maipipintas sa kanya mula ulo hanggang paa.

26Buhok pa lamang nito na minsan lamang gupitin sa loob ng isang taon ay mahigit nang tatlong kilo.

27Siya'y may anak na tatlong lalaki at isang napakagandang dalaga na Tamar ang pangalan.

### Pinatawag ng Hari si Absalom

28Dalawang buong taon na nanatili si Absalom sa Jerusalem, na hindi man lang siya nakita ng hari.

29Minsa'y ipinatawag niya si Joab upang suguin sa hari, ngunit hindi ito pumayag. Ipinatawag niyang muli ito, ngunit hindi rin siya sinunod.

30Kaya't sinabi ni Absalom sa kanyang mga alipin, “Alam ninyong may karatig akong bukid ni Joab na may tanim na sebada. Puntahan ninyo ito at sunugin.” Sinunog nga ng mga alipin ang bukid na iyon.

31Nagpunta agad si Joab kay Absalom at sinabi, “Bakit sinunog ng mga alipin mo ang aking bukid?”

32Sumagot si Absalom, “Dalawang beses kitang pinakiusapang dalhin sa hari ang aking kahilingan sa kanya, ngunit hindi mo ako pinansin. Bakit mo pa ako kinuha sa Gesur? Mabuti pang hindi na ako umalis doon! Dalhin mo ako sa hari ngayon din at kung ako'y may kasalanan, handa akong mamatay.”

33Nang marinig niya ito, nagpunta si Joab sa hari at matapos nilang mag-usap, si Absalom ay ipinatawag. Humarap naman ito sa hari at buong pagpapakumbabang nagbigay-galang. At hinagkan siya ng hari.

## 2 Samuel 15

### Naghimagsik si Absalom kay David

1Nang makabalik na si Absalom, naghanda siya ng sariling karwahe, mga kabayo at limampung tauhan.

2Maaga siyang bumabangon tuwing umaga at tumatayo sa tabi ng daang papasok sa lunsod. Ang bawat pumupunta roon na may dalang usapin para isangguni sa hari ay tinatanong niya kung tagasaan. Kapag sinabi ng tinanong ang kanyang liping pinagmulan,

3sinasabi agad ni Absalom, “May katuwiran ka sa usapin mo, kaya lang, walang inilagay ang hari na mag-aasikaso sa iyo.”

4Idinaragdag pa niya ang ganito: “Kung ako sana'y isang hukom ng bansa, tatanggapin ko ang bawat kasong dadalhin sa akin ng sinuman, at bibigyan ko siya ng katarungan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[5]Ang bawat lumapit upang magbigay-galang sa kanya ay agad niyang hinahawakan at hinahagkan.

[6]Ganito ang laging ginagawa ni Absalom sa mga Israelitang humihingi ng katarungan sa hari, kaya't nakuha niya ang loob ng mga ito.

[7]Lumipas ang apat na taon at sinabi ni Absalom sa hari, "Pahintulutan ninyong magpunta ako sa Hebron upang tuparin ko ang aking panata kay Yahweh.

[8]Nang nakatira pa ako sa Gesur ng Aram ay nangako ako nang ganito: 'Kung loloobin ni Yahweh na ako'y makabalik sa Jerusalem, pupunta ako at sasamba sa kanya.'"

[9]Pinayagan naman siya ng hari. Kaya't naghanda agad si Absalom at nagpunta sa Hebron.

[10]Ngunit bago lumakad, siya'y lihim na nagpasugo sa lahat ng angkan ng Israel, at ito ang ipinasabi: "Kung marinig ninyo ang tunog ng trumpeta, isigaw ninyo: 'Mabuhay si Absalom ang hari ng Hebron!'"

[11]Buhat sa Jerusalem, nagsama siya ng dalawandaang lalaki ngunit ang mga ito'y walang nalalaman tungkol sa balak niya.

[12]Habang nag-aalay si Absalom ng kanyang mga handog, ipinasundo niya si Ahitofel na taga-Gilo at isang tagapayo ni David. Dumami ang mga kasabwat at naging tagasunod ni Absalom.

**Iniwasan ni David si Absalom**

[13]Dumating kay David ang balitang si Absalom na ang kinikilalang hari ng Israel.

[14]Sinabi niya sa mga kasama, "Mabuti pa'y umalis tayo sa Jerusalem. Kung hindi, nanganganib tayo kay Absalom. Magmadali tayo't baka tayo'y abutan niya! Kapahamakan ang sasapitin natin, sapagkat wala siyang igagalang isa man sa lunsod!"

[15]Sumang-ayon naman ang mga lingkod ng hari. "Handa po kaming sumunod sa inyo," sabi nila.

[16]Kaya't umalis agad si David, kasama ang lahat sa palasyo maliban sa sampung asawang-lingkod. Iniwan niya ang mga ito upang mangalaga sa palasyo.

[17]Pagsapit nila sa kahuli-hulihang bahay sa lunsod, sila'y huminto.

[18]Tumayo sa tabi ng hari ang kanyang mga alipin habang minamasdan niya ang dumaraang mga pangkat. Ang mga ito'y binubuo ng personal na mga bantay ng hari at animnaraang taga-Gat na sumusunod sa kanya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19 Nang makita ng hari si Itai, tinawag ito at sinabi, “Kasama ka rin pala! Mabuti pa'y bumalik ka na sa Jerusalem at hintayin mo roon ang bagong hari. Ikaw ay dayuhan lamang na ipinatapon dito ng inyong bansa.

20 Hindi ka pa nagtatagal dito, at hindi ka dapat sumama sa aming paglalagalag. Hindi ko alam kung saan ito hahantong. Isama mo ang iyong mga kababayan at bumalik na kayo. Nawa'y si Yahweh ang maging matatag at tapat mong kaibigan.”

21 Ngunit sinabi ni Itai, “Kamahalan, hangga't si Yahweh at ang hari ay nabubuhay, sasama kami sa inyo saan man kayo pumaroon kahit ito'y aming ikamatay.”

22 Sinabi ni David, “Mabuti! Kung gayon, magpatuloy ka.” Nagpatuloy nga siya, kasama ang mga tauhan at ang kanilang mga pamilya.

23 Umiyak ang mga taong-bayan habang umaalis ang hari at ang kanyang mga tauhan. Tumawid sila ng Batis ng Kidron at nagtuloy sa ilang.

24 Kasama rin nila ang paring si Zadok at lahat ng Levitang nagdadala ng Kaban ng Tipan. Ibinabâ muna nila ito hanggang makalabas ng lunsod ang mga tao. Kasama rin nila ang paring si Abiatar.

25 Tinawag ng hari si Zadok at sinabi, “Ibalik mo na sa lunsod ang Kaban ng Tipan. Kung nasisiyahan sa akin ang Diyos, ibabalik niya ako at makikita kong muli ang Kaban sa pinaglagyan nito.

26 Kung ako nama'y hindi na kinalulugdan, mangyari nawa sa akin ang kanyang kalooban.”

27 Sinabi ng hari kay Zadok, “Hindi ba't ikaw ay isang propeta? Bumalik kayo ni Abiatar at isama ninyo ang anak niyang si Jonatan at ang anak mong si Ahimaaz. Mag-iingat kayo!

28 Dito muna ako sa ilang, sa tabi ng batis at maghihintay ako ng iyong balita.”

29 Ang Kaban ng Tipan ay ibinalik nga nina Zadok at Abiatar sa Jerusalem, at doon na muna sila nanatili.

30 Si David ay umiiyak na umakyat sa Bundok ng mga Olibo. Wala siyang sandalyas at nakatalukbong, tanda ng kalungkutan. Lahat ng kasama niya'y nakatalukbong at umiiyak ding umakyat.

31 May nagbalita sa hari na si Ahitofel ay kabilang sa mga kasabwat ni Absalom, kaya't nanalangin siya, “Yahweh, sana'y gawin ninyong kahangalan ang mga payo ni Ahitofel.”

32 Nang sumapit siya sa taluktok ng bundok kung saan sinasamba si Yahweh, sinalubong siya ni Cusai na Arkita. Sira-sira ang damit nito at puno ng alikabok ang ulo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[33]Sinabi ni David, "Kung sasama ka, isa ka pang magiging pasanin ko.

[34]Ngunit malaki ang maitutulong mo sa akin kung babalik ka sa lunsod, at pagdating ni Absalom sabihin mo sa kanyang maglilingkod ka sa kanya tulad ng ginawa mo sa akin. Ngunit lagi mong sasalungatin ang payo sa kanya ni Ahitofel.

[35]Dalawang pari ang kasama mo roon, sina Zadok at Abiatar. Lahat ng iyong marinig sa palasyo'y sabihin mo agad sa kanila.

[36]Si Ahimaaz na anak ni Zadok at si Jonatan na anak naman ni Abiatar ay kasama nila roon. Ang dalawang ito ang gawin mong tagapaghatid sa akin ng anumang balita."

[37]At si Cusai na kaibigan ni David ay bumalik nga sa lunsod habang papasok naman noon si Absalom sa Jerusalem.

## 2 Samuel 16

### Tinulungan ni Ziba si David

[1]Si David ay pababa na noon sa bundok nang sa di kalayua'y nakasalubong niya si Ziba, ang alipin ni Mefiboset. Ito'y may akay na dalawang asno na may kargang dalawandaang pirasong tinapay, sandaang kumpol ng pasas, sandaang buwig ng sariwang prutas, at isang sisidlang balat na puno ng alak.

[2]"Anong gagawin mo sa mga 'yan, Ziba?" tanong ng hari. Sumagot si Ziba, "Ang dalawang asno ay para sakyan ng inyong pamilya, ang tinapay at ubas ay pagkain ng inyong mga alipin, at ang alak po nama'y para sa sinumang manghihina sa ilang."

[3]"Saan naroon ang anak ng iyong panginoong si Saul?" tanong ng hari. "Nasa Jerusalem po," tugon ni Ziba, "sapagkat ang paniwala po niya'y ibibigay na sa kanya ang kaharian ng kanyang ama."

[4]Sinabi ng hari, "Ziba, ang lahat ng ari-arian ni Mefiboset ay magiging iyo." Sumagot si Ziba, "Pag-utusan po ninyo ang inyong lingkod; maging karapat-dapat sana ako sa inyong pagtitiwala."

### Nilait ni Simei si David

[5]Nang papalapit na sa Bahurim si Haring David, isang kamag-anak ni Saul ang lumabas sa lansangan na nagmumura. Ito'y si Simei na anak ni Gera.

[6]Pinagbabato niya si David at ang mga tauhan nito, kahit napapaligiran ang hari ng kanyang mga bantay at kawal.

[7]Ganito ang kanyang isinisigaw: "Lumayas ka! Lumayas ka! Mamamatay-tao! Kriminal!

[8]Naghiganti na sa iyo si Yahweh dahil sa pagpatay sa sambahayan ni Saul at pag-agaw sa kanyang trono. Ibinigay na kay Absalom ang kanyang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

kaharian. Tapos na ang mga maliligayang araw mo; isa kang mamamatay tao!”

9Sinabi ni Abisai, “Mahal na hari, bakit pumapayag kayong lapastanganin ng hampaslupang ito? Ipahintulot po ninyong tagpasin ko ang kanyang ulo.”

10Ngunit sinabi ng hari kay Abisai at sa kapatid nitong si Joab, “Huwag kayong makialam. Kung iniutos ni Yahweh kay Simei na sumpain ako, sinong may karapatang sumaway sa kanya?”

11Sinabi ni David kay Abisai at sa lahat niyang lingkod, “Kung ang anak ko mismo ay nagtatangka sa aking buhay, hindi nga kataka-taka ang ginagawa ng Benjaminitang ito. Hayaan ninyo siyang magmura at sumpain ako. Inutusan siya ni Yahweh na gawin ito.

12Baka naman kahabagan ako ni Yahweh sa kalagayang ito, at pagpalain ako sa halip na sumpain.”

13Patuloy sa paglakad sina David at ang kanyang mga tauhan, samantalang sa gilid ng burol, sa tapat nila'y sumasabay si Simei. Hindi ito tumitigil ng panlalait, pambabato, at pagsasaboy ng alikabok sa dakong kinaroroonan nila sa kapatagan.

14Pagkatapos, dumating ang hari at ang kanyang mga kasamahan na pagod na pagod sa may Ilog Jordan. At nagpahinga muna sila roon.

**Pumasok si Absalom sa Jerusalem**

15Hindi nagtagal, pumasok nga sa Jerusalem si Absalom kasama ang lahat ng Israelita pati si Ahitofel.

16Nang magkita si Absalom at ang kaibigan ni David na si Cusai, sumigaw ito, “Mabuhay ang hari! Mabuhay ang hari!”

17“Ito ba ang pagpapakita mo ng katapatan sa kaibigan mong si David?” tanong ni Absalom. “Bakit hindi ka sumama sa iyong kaibigan?”

18Sumagot si Cusai, “Hindi po ako sumama sa kanya, sapagkat ang nais kong paglingkuran ay ang haring pinili ni Yahweh, ng mga tao, at ng bansang Israel.

19Hindi ba marapat na paglingkuran ko ang anak ng aking panginoon? Paglilingkuran ko po kayo tulad nang paglilingkod ko sa inyong ama.”

20Tinawag ni Absalom si Ahitofel at humingi ng payo rito, “Ano ba ang mabuting gawin natin?”

21“Ganito ang gawin mo,” wika ni Ahitofel, “Sipingan mo ang mga asawang-lingkod ng iyong ama na iniwan niya sa palasyo. Sa ganoon, mababalita sa Israel na talagang kinakalaban mo ang iyong ama, at lalong lalakas ang loob ng mga kumakampi sa iyo.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[22]Kaya't kanilang ipinagtayo si Absalom ng tolda sa itaas ng palasyo upang makita ng buong Israel ang pagsiping niya sa mga asawang-lingkod ng kanyang ama.

[23]Noong panahong iyon, ang mga payo ni Ahitofel ay itinuturing na salita ng Diyos. Maging sina David at Absalom ay sumusunod sa kanyang mga payo.

## 2 Samuel 17

[1]Sinabi ni Ahitofel kay Absalom, "Papiliin mo ako ng labindalawang libong tauhan at ngayon ding gabi'y hahabulin namin si David.

[2]Sasalakayin ko siya habang pagod pa siya at nanghihina. Malilito siya at tiyak na magtatakbuhan ang kanyang mga tauhan. Ang hari lamang ang aking papatayin.

[3]Ibabalik ko sa iyo ang lahat ng kanyang mga tauhan, gaya ng isang babaing ikakasal sa naghihintay niyang mapapangasawa. Iisang tao lamang ang nais mong mamatay, kaya't ang iba ay hindi masasaktan."

[4]Nagustuhan ni Absalom at ng pinuno ng Israel ang payo ni Ahitofel.

[5]Ngunit sinabi ni Absalom, "Tanungin din natin si Cusai na Arkita kung ano ang kanyang maipapayo tungkol sa bagay na ito."

[6]Pagdating ni Cusai, sinabi ni Absalom ang payo ni Ahitofel. Tinanong niya si Cusai, "Susundin ba natin si Ahitofel? At kung hindi, ano ang masasabi mo?"

[7]Sinabi naman ni Cusai kay Absalom, "Sa ngayon, ang balak ni Ahitofel ay hindi mabuting sundin.

[8]Hindi mo ba alam na ang mga tauhan ng iyong ama'y mga sanay na mandirigma? Mababangis silang tulad ng inahing osong inagawan ng anak. Sa talino ng iyong ama'y hindi iyon matutulog na kasama ng kanyang mga tauhan.

[9]Malamang siya ngayo'y nagtatago sa isang hukay o sa ibang lugar. At kung sa unang pagsalakay ay malagasan ka ng mga tauhan, tiyak na ang sinumang makabalita ay ganito ang sasabihin: 'Natalo ang mga tauhan ni Absalom.'

[10]Matapang ma't may pusong-leon ay matatakot din, sapagkat alam ng buong Israel na magiting na mandirigma ang iyong ama, at hindi aatras sa labanan ang mga tauhan niya.

[11]Ganito ang payo ko: 'Hintayin mo munang ang mga Israelita mula sa Dan hanggang Beer-seba ay matipong lahat na sindami ng buhangin sa tabing-dagat. Pagkatapos, ikaw mismo ang manguna sa pakikipaglaban.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Hahabulin natin ang kaaway saanman siya magsuot. Sasalakayin natin siya na parang hamog na pumapatak sa lupa, at wala isa man sa kanilang sambahayan at mga tauhan ang matitirang buháy.

13Kung siya'y umatras sa isang lunsod, ating iguguho ang lunsod na iyon at itatambak sa bangin upang wala ni kapirasong bato na matira roon."

14Pagkarinig niyon, sinabi ni Absalom at ng buong Israel, "Mas maganda ang payo ni Cusai na Arkita kaysa payo ni Ahitofel." Nagpasya si Yahweh na huwag masunod ang mabuting payo ni Ahitofel upang mapahamak si Absalom.

**Nakatakas si David**

15Pagkatapos, sinabi ni Cusai sa dalawang paring sina Zadok at Abiatar ang payo ni Ahitofel kay Absalom at sa matatandang pinuno. Matapos ipagtapat ang lahat,

16sinabi niya, "Babalaan ninyo agad si David na huwag matutulog ngayong gabi sa may batis sa ilang. Patawirin siya sa ibayo ng Jordan bago mahuli ang lahat, baka mapahamak siya at ang mga kasama niya!"

17Para walang makakita sa kanila, sina Jonatan at Ahimaaz ay hindi na pumasok ng lunsod; doon na lamang sila naghintay sa En-rogel. Ang anumang balita para kay David ay dinadala sa kanila ng isang aliping babae.

18Ngunit may binatilyo palang nakakita sa kanila at ito ang nagsumbong kay Absalom. Nang malaman nila ito, umalis agad ang dalawa at nagtago sa Bahurim. Lumusong sila sa balon sa loob ng bakuran ng isang tagaroon.

19Tinakpan agad ng asawa nito ang balon at kinalatan ng trigo ang ibabaw niyon upang hindi paghinalaang may nagtatago roon.

20Dumating ang mga alipin ni Absalom at nagtanong sa babae, "Saan naroon sina Ahimaaz at Jonatan?" "Tumawid na sila sa ilog," tugon ng babae. Ginalugad nila ang lugar na iyon, ngunit walang nakita, kaya't nagbalik na sila sa Jerusalem.

21Pagkaalis ng mga tauhan, umahon sa balon ang dalawa. Nagpunta agad sila kay David at ipinagtapat ang masamang binabalak ni Ahitofel. Pagkatapos, sinabi nila, "Tumawid kayo agad ng ilog."

22Tumawid nga si David at ang buo niyang pangkat, at nang magmamadaling-araw, wala isa mang naiwan sa kabila ng Jordan.

23Nang malaman ni Ahitofel na hindi sinunod ang kanyang payo, umuwi agad siyang sakay ng asno. Matapos mag-iwan ng huling habilin sa mga kasambahay, siya'y nagbigti. Inilibing siya sa puntod ng kanyang ama.

**Dumating si David sa Mahanaim**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Nasa Mahanaim na si David nang tumawid sa Jordan sina Absalom at mga kasamang Israelita.

25Sa halip na si Joab, si Amasa ang ginawa ni Absalom na pinuno ng buong hukbo. Si Amasa ay anak kay Abigail ni Itra, isang lalaking Ismaelita. Si Abigail naman ay anak ni Nahas, kapatid ni Zeruias na ina ni Joab.

26Ang mga Israelita at si Absalom ay nagkampo sa Gilead.

27Pagdating sa Mahanaim, si David ay sinalubong ni Sobi, anak ni Nahas na Ammonitang taga-Rabba. Kasama ni Sobi si Maquir, anak ni Amiel na taga-Lo-debar at si Barzilai, isang Gileaditang taga-Rogelim.

28May dala silang mga banig, kumot, mangkok at banga. May dala rin silang trigo, sebada, harina, mga butil na sinangag, gulayin,

29pulot-pukyutan, keso at mga tupa. Ipinagkaloob nila ito kina David at mga kasama nito upang may makain sila, sapagkat alam nilang ang mga ito'y pagod na pagod at nagdanas ng matinding gutom at uhaw sa ilang.

## 2 Samuel 18

1Tinipon ni David ang lahat ng mga tauhan niya at pinagpangkat-pangkat ang mga ito. Naglagay siya ng mga pinuno sa mga pangkat na tig-iisanlibo at tig-iisandaan.

2Pinagtatlo niya ang buong hukbo; ang unang pangkat ay pinamunuan ni Joab, ang pangalawa ay pinamunuan ni Abisai at ang ikatlo'y ibinigay naman kay Itai na Geteo. Sinabi ng hari sa kanila, “Sasama ako sa inyo sa labanan.”

3Ngunit tumutol ang mga tauhan at sinabi nila, “Hindi po kayo dapat sumama sa amin. Kung kami po'y matalo at mapaatras, iyon po'y walang halaga sa mga kaaway—kahit pa mapatay ang kalahati sa bilang namin. Ngunit ang katumbas ninyo'y sampung libong kawal. Kaya't mas mabuti pong doon na kayo sa lunsod, at padalhan na lamang ninyo kami ng tulong.”

4“Gagawin ko kung ano ang inaakala ninyong pinakamabuti,” sagot ng hari. Tumayo na lang siya sa may pintuan ng lunsod habang papalabas ang kanyang mga kawal na nasa pangkat na libu-libo at daan-daan.

5Pinagbilinan niya sina Joab, Abisai at Itai, “Alang-alang sa aki'y huwag ninyong sasaktan ang anak kong si Absalom.” Narinig ng buong hukbo ang bilin ng hari sa lahat ng pinuno tungkol kay Absalom.

6Hinarap ng hukbo ni David ang mga Israelita at naglaban sila sa kagubatan ng Efraim.

7Natalo ng mga tauhan ni David ang mga Israelita, at dalawampung libong kawal ang napatay nang araw na iyon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Umabot ang labanan hanggang sa mga kabukiran. Nang araw na iyon, mas
marami pa ang namatay sa kagubatan kaysa namatay sa tabak.

9Nakasalubong naman ni Absalom ang ilang kawal ni David. Nakasakay noon
sa mola si Absalom, at pagdaan niya sa ilalim ng isang malaking puno ng
ensina, napasabit ang ulo niya sa mga sanga. Nagpatuloy sa pagtakbo ang
mola at naiwan si Absalom na nakabitin sa puno.

10Isa sa mga nakakita nito ang nagsabi kay Joab, "Nakita ko si Absalom na
nakabitin sa isang puno ng ensina."

11Pagkarinig nito'y sinabi ni Joab sa lalaki, "Nakita mo na palang nakabitin,
bakit hindi mo pa siya pinatay doon? Nakatanggap ka sana sa akin ng
sampung pirasong pilak at isang sinturon."

12Sumagot ang lalaki, "Kahit na po gawin ninyong sanlibong pirasong pilak,
hindi ko maaaring pagbuhatan ng kamay ang anak ng hari. Narinig po naming
lahat ang utos ng hari sa inyo at kina Abisai at Itai na huwag sasaktan ang
anak niyang si Absalom alang-alang sa kanya.

13Kung siya'y pinagbuhatan ko ng kamay at namatay, malalaman din po iyon
ng hari at hindi naman kayo ang mananagot sa nangyari."

14"Hindi na kita pag-aaksayahan ng panahon," sabi ni Joab. Kumuha siya ng
tatlong sibat at isa-isang itinusok sa dibdib ni Absalom na noo'y buháy pang
nakabitin sa puno.

15Pagkatapos nito'y pumaligid ang sampung tauhan ni Joab kay Absalom at
pinatay ito.

16Hinipan ni Joab ang trumpeta at ang kanyang buong hukbo ay huminto na
sa pagtugis sa mga Israelita.

17Kinuha nila ang bangkay ni Absalom, inihulog sa isang malaking hukay sa
kagubatan at tinabunan ng mga bato. Nagsitakas naman at umuwi na ang
lahat ng mga Israelita.

18Noong nabubuhay pa si Absalom, nagpatayo siya ng isang bantayog sa
Libis ng Hari. Ginawa niya ito bilang alaala, sapagkat wala siyang anak na
lalaking magpapatuloy ng kanyang pangalan. Isinunod niya sa kanyang
pangalan ang bantayog na iyon, at hanggang ngayo'y tinatawag iyong
Bantayog ni Absalom.

### Ibinalita kay David ang Pagkamatay ni Absalom

19Sinabi ni Ahimaaz na anak ni Zadok, "Hayaan ninyo akong tumakbo upang
maibalita ko agad sa hari na siya'y nailigtas na ni Yahweh sa kanyang mga
kaaway."

20Ngunit sinabi ni Joab, "Huwag mong gagawin iyan sa araw na ito.
Ipagpaliban mo na sa ibang araw sapagkat namatay ang anak ng hari."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21At inutusan niya ang isang aliping Cusita para ibalita kay David ang
nangyari. Nagbigay-galang muna ito kay Joab, bago patakbong umalis.

22Nagsumamo kay Joab si Ahimaaz: "Anuman po ang mangyari'y
pahintulutan ninyong sundan ko ang Cusita." "Bakit, anak ko?" tanong ni
Joab. "Wala kang mapapala sa pagbabalita mo."

23"Kahit po anong mangyari, basta't pahintulutan ninyo ako," wika niya. "Sige,
tumakbo ka," wika ni Joab. Tumakbo nga si Ahimaaz at dumaan sa Libis ng
Jordan at naunahan pa niya ang aliping Cusita.

24Nakaupo noon si David sa pagitan ng pintuang panlabas at pintuang
panloob ng lunsod. Umakyat naman sa tore ng pader ang isang bantay.
Pagtanaw niya'y may nakita siyang isang lalaking tumatakbong palapit.

25Sumigaw siya sa hari at sinabi ang kanyang nakita. Sabi ng hari, "Kung
nag-iisa siya, tiyak na magandang balita ang dala niya."

26Samantala, ang bantay sa tore ay may nakita pang isang lalaking
tumatakbong papalapit din. Kaya't tinawag niya ang bantay-pinto at sinabi,
"Tingnan mo, may isa pang tumatakbo sa hulihan!" Sinabi ng hari,
"Magandang balita rin ang dala niyan."

27"Sa tingin ko'y si Ahimaaz na anak ni Zadok ang nauunang dumarating,"
sabi ng bantay. "Mabuting tao 'yan, at magandang balita ang dala niya," sabi
ng hari.

28Nauna ngang dumating si Ahimaaz. Yumukod siya sa harapan ng hari at
sinabi, "Purihin si Yahweh na inyong Diyos, na siyang dumaig sa mga taong
naghimagsik laban sa mahal na hari!"

29"Kumusta ang anak kong si Absalom? Ligtas ba siya?" tanong ng hari.
"Kamahalan, isinugo po ako ng inyong lingkod na si Joab," sagot ni Ahimaaz,
"at noon pong paalis na ako, nagkakagulo sila at hindi ko po alam ang
dahilan."

30Sinabi sa kanya ng hari, "Tumayo ka muna diyan sa isang tabi," at ganoon
nga ang ginawa ni Ahimaaz.

31Dumating naman ang Cusita at ganito ang sabi: "Magandang balita,
Kamahalan! Ngayong araw na ito'y iniligtas kayo ni Yahweh sa lahat ng
naghimagsik laban sa inyo."

32"Kumusta ang anak kong si Absalom? Ligtas ba siya?" tanong ng hari.
"Mangyari nawa sa lahat ng inyong mga kaaway at sa lahat ng naghihimagsik
laban sa inyo ang nangyari kay Absalom!"

33Nang marinig ito'y naghinagpis ang hari. Umakyat siya sa isang silid sa
itaas ng pintuan ng lunsod at buong pait na tumangis. Habang lumalakad

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

siya'y sinasabi niya, “Anak kong Absalom! Anak ko, anak ko, Absalom! Ako na lang sana ang namatay at hindi ikaw, Absalom, anak ko, anak ko!”

## 2 Samuel 19

### Pinagsabihan ni Joab si Haring David

1May nagbalita kay Joab na umiiyak at nagluluksa ang hari sa pagkamatay ni Absalom.

2Kaya't napalitan ng pagluluksa ang dapat sana'y pagdiriwang dahil sa pagtatagumpay ng hukbo. Nabalitaan ng mga kawal na labis na dinamdam ng hari ang nangyari sa kanyang anak.

3Dahil dito'y tahimik silang pumasok sa lunsod, na parang mga kawal na nahihiyang magpakita sa madla dahil sa pagkatalo sa labanan.

4Tinakpan ng hari ang kanyang mukha at umiyak nang malakas, “Absalom, anak ko! Absalom, anak ko!”

5Pumasok si Joab sa silid at sinabi sa hari, “Sa araw na ito, inilagay ninyo sa kahihiyan ang inyong mga lingkod na nagligtas sa inyo, sa inyong mga anak, mga asawa at asawang-lingkod.

6Minamahal ninyo ang namumuhi sa inyo at kinamumuhian ang nagmamahal sa inyo. Maliwanag ngayon na walang halaga sa inyo ang inyong mga opisyal at mga tauhan. Matamis pa yata sa inyo ang kami ay masawing lahat, basta't buháy lamang si Absalom.

7Kaya, lumakad kayo ngayon din at harapin ninyo ang inyong mga tauhan at kilalanin ninyo ang kanilang katapatan. Kung hindi, isinusumpa ko sa pangalan ni Yahweh, sa gabi ring ito'y wala isa mang kawal na mananatili sa inyo. Kapag nangyari ito, ito na ang pinakamalaking kapahamakan sa buong buhay ninyo.”

8Dahil dito, tumayo ang hari at naupo sa may pintuan ng lunsod. Nang malaman ito ng kanyang mga kawal, sila'y nagsilapit sa kanya.

### Nagbalik si David sa Jerusalem

Samantala nagsitakas ang mga Israelita at nag-uwian sa kani-kanilang bayan.

9At ganito ang naging usapan sa buong lupain: “Iniligtas tayo ni Haring David sa lahat nating kaaway, at pinalaya sa mga Filisteo. Ngunit dahil kay Absalom, napilitan siyang umalis.

10Kinilala nating hari si Absalom, ngunit siya'y napatay sa labanan. Bakit hindi pa natin pababalikin ang dati nating hari?”

11Ang usapang ito'y kumalat sa buong Israel, at umabot sa pandinig ni David. Kaya't isinugo niya ang mga paring sina Zadok at Abiatar upang sabihin sa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

pinuno ng Juda, “Bakit wala pa kayong ginagawang hakbang upang magbalik ang hari sa palasyo?

12Kayo'y mga tunay na laman at dugo ko. Bakit nahúhulí pa kayo sa paghahangad na ako'y mapabalik doon?”

13At ipinasabi naman niya kay Amasa, “Ikaw ay tunay kong laman at dugo. Ikaw ngayon ang hinihirang kong pinuno ng hukbo, kapalit ni Joab. Patayin nawa ako ng Diyos kung hindi ito ang gagawin ko!”

14Buong galak na tinanggap ng mga taga-Juda ang balitang ito, kaya't ipinasundo nila si Haring David at ang lahat ng mga kasama niya.

15Pumunta na nga sina Haring David at ang mga kasama niya sa Ilog Jordan. Nagtipon naman ang mga taga-Juda sa Gilgal upang salubungin siya at samahan sa pagtawid sa Ilog.

16Isa sa sumalubong kay David ay si Simei, anak ni Gera na taga-Bahurim. Ang taong ito ay Benjaminita, at nagmamadali ring sumama sa mga taga-Juda.

17Kasama niya ang may sanlibong katao buhat din sa Benjamin. Nagmamadali ring bumabâ sa Jordan si Ziba, ang alipin ng sambahayan ni Saul, kasama ang kanyang labinlimang anak na lalaki at dalawampung alipin.

18Tumawid sila sa ilog upang tulungang makatawid ang sambahayan ng hari at upang gawin ang anumang ipag-utos niya.

### Pinatawad ni David si Simei

Nang tatawid na lamang sila sa Jordan, nagpatirapa sa harapan ng hari si Simei.

19Sinabi niya sa hari, “Kalimutan na po sana ninyo ang kasamaang ginawa ko nang kayo'y papaalis noon sa Jerusalem. Patawarin na po ninyo ako sa lahat ng ito.

20Inaamin ko pong nagkasala ako sa inyo. Kaya po naman ako ang nauna sa mga liping taga-hilaga upang sumalubong sa inyo, Mahal na Hari.”

21Tumutol si Abisai at ang sabi, “Hindi ba dapat patayin ang taong ito sapagkat nilait niya ang haring pinili ni Yahweh?”

22Nagsalita ang hari, “Sino bang humihingi ng payo ninyo, mga anak ni Zeruias? Bakit ninyo ako pinangungunahan? Ako ngayon ang hari ng buong Israel, at isinusumpa ko: Walang sinumang papatayin sa Israel ngayon!”

23Pagkatapos, sinabi ng hari kay Simei, “Nangangako akong hindi ka papatayin.”

### Ang Kagandahang-loob ni David kay Mefiboset

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Si Mefiboset na apo ni Saul ay sumalubong din sa hari. Mula nang umalis si David hanggang sa matagumpay niyang pagbabalik, hindi naghugas ng paa si Mefiboset ni nagputol ng balbas o naglaba ng kanyang damit.

25Nang dumating siya mula sa Jerusalem, sinabi ng hari, “Bakit hindi ka sumama sa akin, Mefiboset?”

26“Mahal na hari,” wika niya, “alam po ninyong ako'y pilay. Kaya ipinahanda ko po sa aking katulong ang sasakyan kong asno upang sumama sa inyo. Ngunit hindi niya ako sinunod.

27Sa halip ay nagpunta siya sa inyo at siniraan ako. Alam kong kayo'y tulad ng anghel ng Diyos, kaya gawin po ninyo sa akin ang sa palagay ninyo'y nararapat.

28Ang buong sambahayan ng aking ama, ako at ang lahat sa amin ay maaari ninyong ipapatay, ngunit sa halip, binigyan pa ninyo ang inyong alipin ng lugar sa inyong hapag. Wala na po akong maireklamo sa inyo, Mahal na Hari.”

29Sumagot ang hari, “Wala ka nang dapat sabihin pa, Mefiboset! Nakapagpasya na ako na maghahati kayo ni Ziba sa ari-arian ni Saul.”

30Ngunit sinabi ni Mefiboset, “Hayaan na po ninyo sa kanyang lahat. Sapat na sa aking kayo'y mapayapang nakauwi.”

**Ang Kagandahang-loob ni David kay Barzilai**

31May isang taga-Gilead na bumabâ mula sa Rogelim at naghatid din sa hari hanggang Jordan; ito'y si Barzilai.

32Siya'y walumpung taon na at napakalaki ng naitulong sa hari noong ito'y nasa Mahanaim pa. Siya'y isa sa kinikilalang mayaman doon, at siya ang nagbibigay ng pagkain sa hari.

33Bago tumawid ang hari ay sinabi nito, “Mabuti pa'y sumama ka sa amin sa Jerusalem. Doon ka na tumira sa palasyo at ako ang bahala sa iyo.”

34Sumagot si Barzilai, “Ilang taon na lang ang itatagal ko, bakit pa po ako sasama sa inyo sa Jerusalem?

35Walumpung taon na ako at wala nang kasiyahan sa mga kalayawan. Hindi ko na malasahan ang sarap ng pagkain at inumin. Wala nang pang-akit sa akin pati magagandang awitin. Magiging pabigat lamang ako sa inyo, Mahal na Hari.

36Ihahatid ko na lang kayo hanggang sa makatawid ng Jordan. Hindi na ninyo ako kailangang gantimpalaan nang ganito.

37Hayaan na ninyo akong magbalik sa aking bayang sinilangan, at doon ko na hihintayin ang aking mga huling araw sa tabi ng puntod ng aking ama at

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ina. Narito ang lingkod ninyong si Camaam; siya ang isama ninyo, ang katulong kong ito, at kayo na ang bahala sa kanya.”

38Sumagot ang hari, “Sige, isasama ko siya. Gagawin ko rin ang lahat ng gusto mo para sa ikabubuti niya. Tungkol naman sa iyo, gagawin ko rin ang lahat ng gusto mo.”

39Tumawid sa Jordan ang lahat. Bago tumawid ang hari, hinagkan muna niya at binasbasan si Barzilai. Pagkatapos, umuwi na si Barzilai sa kanyang tahanan.

### Nagtalo ang mga Taga-Juda at Taga-Israel tungkol sa Hari

40Nagtuloy sa Gilgal ang hari, kasama si Camaam. Kasama rin nila ang lahat ng taga-Juda at kalahati ng mga taga-Israel.

41Pagdating doon, sama-samang lumapit kay David ang mga Israelita. Sabi nila, “Bakit po kami inunahan ng mga kapatid naming taga-Juda sa pagsundo sa inyo, at sa inyong mga tauhan at sambahayan mula sa kabila ng Jordan?”

42Sumagot ang mga taga-Juda, “Ginawa namin iyon sapagkat ang hari ay malapit naming kamag-anak. Anong ikinasasama ng loob ninyo? Hindi naman kami palamunin ng hari! Hindi rin niya kami binayaran!”

43Sumagot ang mga taga-Israel, “Sampung beses ang karapatan namin kay Haring David, kahit pa kamag-anak ninyo siya. Bakit naman minamaliit ninyo kami? Nakakalimutan yata ninyo na kami ang unang nakaisip na ibalik ang hari.” Ngunit mas magagaspang ang pananalita ng mga taga-Juda kaysa mga taga-Israel.

## 2 Samuel 20

### Ang Paghihimagsik ni Seba

1Si Seba na taga-Gilgal ay isang walang-hiyang tao. Siya ay anak ni Bicri, mula sa lipi ni Benjamin. Hinipan niya ang trumpeta upang mapansin ng tao. Isinisigaw niya, “Umuwi na tayo, O Israel! Ano bang mapapala natin kay David? Ano bang nagawa para sa atin ng anak ni Jesse?”

2Humiwalay nga kay David ang mga taga-Israel at sumama kay Seba. Ngunit nanatiling tapat ang mga taga-Juda kay David at buhat sa Jordan ay inihatid nila ang hari hanggang Jerusalem.

3Pagdating doon, ipinakuha ni David ang sampung asawang-lingkod na iniwan niya upang mamahala sa palasyo. Pinapunta niya ang mga ito sa isang bahay, pinatira doon at pinabantayan. Pinadadalhan niya ang mga ito ng kanilang mga pangangailangan ngunit hindi na niya sila muling sinipingan. Kaya't namuhay silang parang mga biyuda hanggang sa sila'y mamatay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Tinawag ng hari si Amasa at sinabi, “Tipunin mo ang mga kalalakihan ng Juda at dalhin mo sila rito sa loob ng tatlong araw.”

5Sinikap ni Amasang sundin ang utos ng hari ngunit hindi niya naiharap dito ang mga kalalakihan ng Juda sa loob ng takdang panahon.

6Dahil dito, tinawag ni David si Abisai. Sinabi niya, “Mas malaking gulo ang idudulot ni Seba kaysa kay Absalom. Kaya't isama mo ang aking mga tauhan at habulin ninyo siya. Baka may masakop siyang lunsod na may kuta at hindi na natin siya mahuli.”

7Sumama nga kay Abisai si Joab at ang mga tauhan niya, gayundin ang mga Peleteo at Kereteo, upang tugisin si Seba na anak ni Bicri.

8Pagsapit nila sa may malaking bato sa Gibeon, sinalubong sila ni Amasa. Suot noon ni Joab ang kanyang kasuotang pandigma, at may dala siyang espada na nakakabit sa kanyang sinturon. Habang papalapit siya, nalaglag ang kanyang espada.

9Sinabi niya, “Kumusta ka, kapatid ko!” sabay hawak ng kanang kamay sa balbas ni Amasa upang ito'y hagkan.

10Hindi napapansin ni Amasa ang espadang hawak ni Joab sa kabilang kamay. Kaya't sinaksak siya nito sa tiyan. Lumuwa sa lupa ang bituka niya, at namatay agad sa saksak na iyon. Nagpatuloy ang magkapatid na Joab at Abisai sa kanilang pagtugis kay Seba.

11Isang tauhan ni Joab ang tumayo sa may bangkay ni Amasa at sumigaw, “Ang lahat ng kakampi ni Joab at ni David ay sumunod kay Joab!”

12Nakabulagta sa gitna ng lansangan ang bangkay ni Amasa, naliligo sa sariling dugo. Kaya, lahat ng makakita rito ay napapahinto. Nang mapuna ito ng isang tauhan ni Joab, hinila niya ang bangkay at inilayo sa daan, saka tinakpan ng damit.

13Nang maalis ang bangkay sa gitna ng daan lahat ay sumunod kay Joab upang tugisin si Seba.

14Pinuntahan ni Seba ang lahat ng lipi ng Israel hanggang sa sumapit siya sa Abel-bet-maaca. Lahat ng angkan ni Bicri ay nagkaisang sumunod sa kanya na pumasok sa lunsod.

15Nalaman iyon ng mga tauhan ni Joab, kaya't kinubkob nila ang lunsod. Nagbunton sila ng lupa sa tabi ng pader para makasampa roon habang pinababagsak ng iba ang pader ng lunsod.

16Ngunit isang matalinong babae ang nangahas tumayo sa isang mataas na lugar sa pader at mula roon ay nanawagan, “Makinig kayo! Makinig kayo! Sabihin ninyo kay Joab na pumarito. Gusto ko sana siyang makausap.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Paglapit ni Joab, tinanong siya ng babae, “Kayo po ba si Joab?” “Ako nga,” sagot nito. “Pakinggan po ninyo ang aking sasabihin,” sabi ng babae. “Sige, nakikinig ako,” wika naman ni Joab.

18“Noong araw,” sabi ng babae, “mayroon pong ganitong kasabihan: ‘Magtanong ka sa lunsod ng Abel’, at ganoon nga ang ginagawa ng mga tao noon upang malutas ang kanilang suliranin.

19Sa buong Israel ang lunsod pong ito ay maituturing na pinakatahimik at tapat. Siya'y tulad ng isang mapag-arugang ina sa Israel. Bakit gusto ninyo itong gibain? Bakit ninyo wawasakin ang lunsod na ipinamana ni Yahweh?”

20“Hindi ko gagawin iyan!” wika ni Joab. “Hindi namin gustong wasakin ang inyong lunsod.

21Wala iyon sa plano namin. Hinahanap lang namin si Seba na naghihimagsik laban kay Haring David. Siya ay anak ni Bicri, at taga-bulubundukin ng Efraim. Isuko ninyo siya, at iiwan namin ang lunsod.” Sinabi ng babae, “Kung ganoon, ihahagis namin sa iyo ang kanyang ulo mula sa pader.”

22Pumasok siya sa kabayanan, at palibhasa'y matalino, sumang-ayon sa kanya ang mga taong-bayan sa kanyang binabalak. Pinugutan nila ng ulo si Seba at inihagis ito kay Joab. Hinipan naman ni Joab ang trumpeta kaya't ang lunsod ay iniwan na ng kanyang mga kawal at sila'y nagsiuwian na. Si Joab nama'y bumalik sa Jerusalem at nagpunta sa hari.

### Ang mga Opisyal ni David

23Ito ang mga opisyal ng hukbo ni Haring David: Si Joab ang pinuno sa buong hukbo ng Israel. Si Benaias, anak ni Joiada, ang pinuno ng mga bantay na Kereteo at Peleteo.

24Si Adoram naman ang tagapamahala sa lahat ng sapilitang paggawa. Si Jehoshafat, anak ni Ahilud, ang tagapag-ingat ng mga kasulatan,

25at si Seva naman ang kalihim ng hari. Sina Zadok at Abiatar ang nagsilbing mga pari,

26at si Ira na taga-Jair ay isa rin sa mga pari ni David.

## 2 Samuel 21

### Pinatay ang mga Apo ni Saul

1Sa panahon ng paghahari ni David, tatlong sunud-sunod na taon na nagkaroon ng taggutom, kaya't sumangguni siya kay Yahweh. Ito ang kanyang tugon, “Maraming buhay ang inutang ni Saul at ng kanyang sambahayan, sapagkat ipinapatay niya ang mga Gibeonita.”

2Ang mga Gibeonita ay hindi buhat sa lahi ng Israel. Sila ang mga natira sa lahi ng mga Amoreo na pinangakuang hindi lilipulin ng mga Israelita. Ngunit

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

sila'y sinikap lipulin ni Saul dahil sa pagmamalasakit niya para sa mga taga-Israel at Juda.

3Ipinatawag ni David ang mga Gibeonita at tinanong, “Ano ang maipaglilingkod ko sa inyo upang mapagbayaran ang kasalanan sa inyo ng aming bayan, at nang sa gayon ay mapawi ang inyong galit at basbasan ang sambayanan ni Yahweh?”

4Sumagot sila, “Ang sama ng loob namin kay Saul at sa kanyang sambahayan ay hindi kayang tumbasan ng ginto at pilak. Ngunit ayaw rin naming pumatay ng sinuman sa Israel.” “Kung gayon, ano ang dapat kong gawin para sa inyo?” tanong ni David.

5Sumagot sila, “Hinangad po ng Saul na iyon na ubusin ang lahi namin sa Israel.

6Kaya, ibigay ninyo sa amin ang pito sa mga lalaking mula sa kanyang angkan at bibitayin namin sila sa Gibeon sa harapan ni Yahweh.” “Sige, ibibigay ko sila sa inyo,” sagot ni David.

7Ngunit dahil sa sumpaang ginawa nina David at Jonatan, iniligtas niya si Mefiboset, ang apo ni Saul kay Jonatan.

8Ang ibinigay ng hari ay sina Armoni at isang Mefiboset din ang pangalan, mga anak ni Saul kay Rizpa na anak ni Aya, at ang limang anak ni Adriel kay Merab. Si Merab ay anak ni Saul at si Adriel nama'y anak ni Barzilai na taga-Meholat.

9Ibinigay ni David sa mga Gibeonita ang pitong ito, at sila'y sama-samang binigti sa bundok sa harapan ni Yahweh. Nangyari ito nang nagsisimulang anihin ang sebada.

10Sa buong panahon ng anihan hanggang dumating ang tag-ulan, si Rizpa na anak ni Aya ay hindi na umalis sa kinaroroonan ng mga bangkay. Gumawa siya ng isang silungang sako sa ibabaw ng isang malaking bato at binantayan ang mga bangkay upang hindi makain ng mga ibon at maiilap na hayop.

11Nang mabalitaan ito ni David,

12ipinakuha niya ang bangkay ni Saul at ni Jonatan sa mga pinuno ng Jabes-gilead. Ninakaw ng mga ito ang bangkay nina Saul at Jonatan sa Bethsan na ibinitin doon ng mga Filisteo noong araw na sila'y mapatay sa Gilboa.

13Ipinakuha nga niya ang mga bangkay nina Saul at Jonatan at isinama sa mga bangkay ng pitong binigti sa bundok.

14Pagkatapos, dinala nila ito sa libingan ng kanyang amang si Kish, sa lupain ni Benjamin sa Zela. Ang lahat ng iniutos ng hari ay natupad, at mula noon, dininig ni Yahweh ang kanilang dalangin para sa bansa.

**Nalupig ang mga Higante**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

(1 Cro. 20:4-8)

15Dumating ang araw na nagdigmaan muli ang mga Filisteo at mga Israelita. Sumama si David sa kanyang mga kawal sa pakikipaglaban. Sa isang labanan ay lubhang napagod si David.

16Papatayin na sana siya ng higanteng si Esbibenob, na may dalang bagong espada at sibat na may tatlo't kalahating kilo ang bigat.

17Ngunit tinulungan ni Abisai na anak ni Zeruias si David, at pinatay ang higanteng Filisteo. Mula noon, pinasumpa nila si David na hindi na siya muling sasama sa labanan. "Ikaw ang ilaw ng Israel. Ayaw naming mawala ka sa amin," sabi ng mga kawal ni David.

18Hindi nagtagal at muling naglaban ang mga Israelita at ang mga Filisteo. Nangyari naman ito sa Gob at doon napatay ni Sibecai na Husatita ang higanteng si Saf.

19Sa isa pang sagupaan sa Gob laban sa mga Filisteo, napatay naman ni Elhanan, anak ni Jair na taga-Bethlehem, si Goliat na Geteo. Ang hawakan ng sibat nito'y sinlaki ng kahoy na pahalang sa habihan.

20Sa isa namang labanan sa Gat, mayroong isang higante na dalawampu't apat ang daliri—tig-aanim bawat paa't kamay.

21Hinamon nito ang mga Israelita ngunit napatay naman ni Jonatan na pamangkin ni David sa kanyang kapatid na si Simea.

22Ang apat na ito'y buhat sa lahi ng mga higante sa Gat, at nasawi sa mga kamay ni David at ng kanyang mga tauhan.

## 2 Samuel 22

### Ang Awit ng Pagtatagumpay ni David

(Awit 18)

1Inawit ni David ang awit na ito para kay Yahweh nang araw na iniligtas siya ni Yahweh mula sa kamay ng kanyang mga kaaway at sa kamay ni Saul.

2"Si Yahweh ang aking tagapagligtas, matibay na muog na aking sanggalang.

3Ang Diyos ang bato na aking kanlungan, aking kalasag at tanging kaligtasan. Siya ang aking pananggalang, sa mga marahas ay siya kong tanggulan.

4Kay Yahweh ako'y tumatawag, sa mga kaaway ako'y kanyang inililigtas. Purihin si Yahweh!

5"Pinapalibutan ako ng alon ng kamatayan, tinutugis ako nitong agos ng kapahamakan.

6Daigdig ng mga patay, ako'y pinupuluputan, patibong ng kamatayan, ang aking dinaraanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7“Sa kagipitan ko, ako ay tumawag, ang Diyos na si Yahweh ay aking hinanap. Mula sa templo niya ay kanyang dininig, ang aking pagsamo at ang aking hibik.

8“Nayanig ang lupa nang siya'y magalit, at nauga pati sandigan ng langit.

9Nagbuga ng usok ang kanyang ilong, at mula sa bibig, lumabas ang apoy.

10Hinawi ang langit, bumabâ sa lupa makapal na ulap ang tuntungang pababa.

11Sakay ng kerubin mabilis lumipad; sa bilis ng hangin siya ay naglayag.

12Nagtago sa likod ng dilim, naipong tubig, ulap na maitim.

13At magmula roon gumuhit ang kidlat, at sa harap niya'y biglang nagliwanag.

14Nagpakulog si Yahweh mula sa langit, tinig ng Kataas-taasang Diyos ay narinig.

15Mga palaso niya'y pinakawalan, dahil sa kidlat mga kaaway niya'y nagtakbuhan.

16Sa sigaw ni Yahweh sa mga kaaway, sa apoy ng galit niyang nag-aalab, ang tubig sa dagat ay halos maparam, mga pundasyon ng mundo'y naglitawan.

17“Mula sa ilalim ng tubig sa dagat, iniahon ako't kanyang iniligtas.

18Iniligtas ako sa mga kaaway na di ko makayang mag-isang labanan.

19Sa kagipitan ko, ako'y sinalakay, subalit para sa akin si Yahweh ang lumaban.

20Sapagkat sa akin siya'y nasiyahan, iniligtas niya ako sa kapahamakan.

21“Ginantimpalaan ako ni Yahweh pagkat ako'y nasa katuwiran, pinagpapala niya ako dahil ako'y walang kasalanan.

22Sapagkat ang tuntunin ni Yahweh ay aking sinunod, hindi ako lumihis sa landas ng aking Diyos.

23Aking sinunod ang buong kautusan, isa mang utos niya'y hindi ko sinuway.

24Nalalaman niyang ako'y walang sala, sa gawang masama'y lumalayo tuwina.

25Kaya't ginantimpalaan ako ni Yahweh pagkat ako'y nasa katuwiran; pinagpapala niya ako dahil ako'y walang kasalanan.

26“Sa mga taong tapat, ikaw rin ay tapat, sa mga matuwid, matuwid kang ganap.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Sa pusong malinis, bukás ka at tapat, ngunit sa mga baluktot, hatol mo'y
marahas.

28Mga nagpapakumbaba'y iyong inililigtas, ngunit ang palalo'y iyong
ibinabagsak.

29Ikaw po, O Yahweh, ang aking tanglaw, pinawi mong lubos ang aking
kadiliman.

30Sa tulong mo'y nalulupig ko ang mga kaaway, sa pamamagitan mo, Diyos,
anumang pader ay nahahakbang.

31Mga paraan ng Diyos ay walang kapintasan; pangako ni Yahweh ay
sadyang maaasahan. Sa nagpapakupkop, siya ay kalasag.

32“Maliban kay Yahweh, may Diyos pa bang iba? Iisang tanggulan, hindi ba't
siya na?

33Ang Diyos ang aking muog na kanlungan, ang nag-iingat sa aking
daraanan.

34Tulad ng sa usa, paa ko'y pinatatag, sa mga bundok iniingatan akong ligtas.

35Sinanay niya ako sa pakikipagdigma, matigas na pana kaya kong mahila.

36“Ako'y iniligtas mo, Yahweh, ng iyong kalinga, at sa tulong mo ako'y naging
dakila.

37Binigyan mo ako ng pagtataguan, kaya di mahuli ng mga kalaban.

38Mga kaaway ko ay aking tinugis, hanggang sa malipol, di ako nagbalik.

39Nilipol ko sila at saka sinaksak, at sa paanan ko sila ay bumagsak!

40Pinalakas mo ako para sa labanan, kaya't nagsisuko ang aking kalaban.

41Mga kaaway ko'y iyong itinaboy, mga namumuhi sa aki'y pawang nalipol.

42Humanap sila ng saklolo, ngunit walang matagpuan. Hindi sila pinansin ni
Yahweh nang sila'y nanawagan.

43Tinapakan ko sila hanggang sa madurog, pinulbos ko silang parang
alikabok; sa mga lansangan, putik ang inabot.

44“Sa mga naghimagsik, ako'y iyong iniligtas, pamamahala sa mga bansa sa
aki'y iniatas; at marami pang ibang sumuko't nabihag.

45Ang mga dayuhan sa aki'y yumuyukod, kapag narinig ang tinig ko, sila'y
sumusunod.

46Sa laki ng takot ay naglalabasan sa kanilang kutang pinagtataguan.

47“Mabuhay si Yahweh! Purihin ang aking batong tanggulan. Dakilain ang
aking Diyos! Ang bato ng aking kaligtasan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

48Nilulupig niya ang aking kalaban at pinapasuko sa aking paanan.

49Iniligtas ako sa aking kaaway, ako'y inilayo sa sumasalakay; sa taong marahas, ipinagsanggalang.

50“Sa lahat ng bansa ika'y aking pupurihin, ang karangalan mo'y aking aawitin, ang iyong pangalan, aking sasambahin.

51Pinagkaloobang magtagumpay lagi, ang abang lingkod mong piniling hari; di mo kailanman pababayaan ang iyong pinili, na si Haring David at ang kanyang mga susunod na lahi.”

## 2 Samuel 23

### Mga Huling Pangungusap ni David

1Ginawang dakila ng Diyos si David, anak ni Jesse. Siya ang lalaking pinili ng Diyos ni Jacob upang maging hari. Siya rin ang may-akda ng magagandang awit para sa Israel. Ito ang kanyang mga huling pangungusap:

2“Nagsasalita sa pamamagitan ko ang Espiritu ni Yahweh, ang salita niya'y nasa aking mga labi.

3Nagsalita ang Diyos ng Israel, ganito ang sinabi niya sa akin: ‘Ang haring namamahalang may katarungan at namumunong may pagkatakot sa Diyos,

4ay tulad ng araw sa pagbukang-liwayway, parang araw na sumisikat kung umagang walang ulap, at nagpapakislap sa dahon ng damo pagkalipas ng ulan.’

5“Gayon pagpapalain ng Diyos ang aking sambahayan, dahil sa aming tipan na walang katapusan, kasunduang mananatili magpakailanman. Siya ang magbibigay sa akin ng tagumpay, ano pa ang dapat kong hangarin?

6Ngunit ang mga walang takot sa Diyos ay matutulad sa mga tinik na itinatapon. Walang mangahas dumampot sa kanila;

7at upang sila'y ipunin, kailangan ang kasangkapang bakal. Kapag naipon naman, sila'y tutupukin.”

### Mga Magiting na Kawal ni David

(1 Cro. 11:10-41)

8Ito ang mga pangalan ng mga magiting na kawal ni David: ang una'y si Yosev-basevet na taga-Taquemon. Siya ang pinuno ng pangkat na kung tawagi'y “Ang Tatlo.” Sa isang labanan, nakapatay siya ng 800 kalaban sa pamamagitan lamang ng kanyang sibat.

9Ang pangalawa'y si Eleazar na anak ni Dodo, mula sa lahi ni Ahohi. Siya ang kasama ni David sa Pas-dammim nang sila'y lusubin ng mga Filisteo. Natalo ang mga Israelita, at nagsiatras,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10 liban kay Eleazar. Hinarap niyang mag-isa ang mga Filisteo hanggang sa manigas ang kanyang kamay sa paghawak sa espada. Ngunit pinagtagumpay siya ni Yahweh nang araw na iyon. Pagkatapos ng labanan, saka pa lamang bumalik ang kanyang mga kasamang kawal para samsaman ang mga kaaway na napatay niya.

11 Ang pangatlo ay si Samma na anak ni Age, isang taga-Arar. Sa Lehi ay may isang bukid na may tanim na gisantes. Dumating ang mga Filisteo at doon nagtipon. Natakot ang mga tagaroon at sila'y tumakas.

12 Ngunit dumating si Samma, at tumayo sa gitna ng bukid upang ipagtanggol ito. Napatay niya ang mga Filisteo sa tulong ni Yahweh.

13 Pagsisimula ng anihan, tatlo sa “Magigiting na Tatlumpu” ang nagpunta kay David sa yungib ng Adullam. Nagkakampo noon ang isang pangkat ng mga Filisteo sa Libis ng Refaim.

14 Nang panahong iyon, si David ay nagkukubli sa isang kuta samantalang nagkakampo sa Bethlehem ang mga kawal na Filisteo.

15 Dala ng matinding pananabik, nabigkas ni David ang ganito, “Sana'y makainom ako ng tubig buhat sa balon sa may pintuang-bayan ng Bethlehem!”

16 Nang marinig nila iyon, nangahas silang lumusot sa mga bantay na Filisteo, at kumuha ng tubig sa balong nabanggit. Dinala nila ito kay David, ngunit hindi niya ito ininom. Sa halip, ang tubig ay ibinuhos niya sa lupa bilang handog kay Yahweh.

17 Sinabi niya, “Hindi ko ito kayang inumin, Yahweh! Para ko na ring iinumin ang dugo ng mga nagtaya ng kanilang buhay upang makuha ito.” Minsan pang nakilala ang tapang ng tatlong magigiting na kawal na ito sa ginawa nilang iyon.

18 Ang pinuno ng pangkat na binubuo ng “Tatlumpu” ay si Abisai, kapatid ni Joab na anak naman ni Zeruias. Kinikilala siya ng mga ito sapagkat minsa'y pinuksa niya sa pamamagitan lamang ng sibat ang 300 kaaway.

19 Ito ang dahilan kaya ginawa siyang pinuno ng pangkat, ngunit kahit kinikilala siya sa tatlumpu, hindi pa rin siya kasintanyag ng “Tatlong Magigiting.”

20 Si Benaias na anak ni Joiadang taga-Kabzeel ay isa ring magiting na kawal sa maraming pakikipaglaban. Siya ang pumatay sa dalawang lalaki na ipinagmamalaki ng Moab. Minsan, nang panahong madulas ang lupa dahil sa yelo, lumusong siya sa balon at pinatay ang isang leon na naroon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Siya rin ang pumatay sa isang higanteng Egipcio, kahit ang sandata niya'y isa lamang pamalo. Naagaw niya ang sibat ng Egipcio, at iyon na ang ipinampatay rito.

22Iyan ang kasaysayan ng bantog na si Benaias, ang labis na hinahangaan at kaanib ng “Tatlumpu.”

23Sa pangkat na ito, siya ay talagang kinikilala, ngunit hindi pa rin siya kasintanyag ng grupong “Ang Tatlo.” Dahil sa kanyang tapang, ginawa siyang sariling bantay ni David sa kanyang palasyo.

24Ang iba pang kabilang sa pangkat ng “Tatlumpu” ay si Asahel na kapatid ni Joab; si Elhanan na anak ni Dodo na taga-Bethlehem;

25si Samma na isang Harodita; si Elica na Harodita rin;

26si Helez na isang Peleteo; si Ira na anak ni Ekis na taga-Tekoa;

27si Abiezer na taga-Anatot; si Mebunai na taga-Husa;

28si Zalmon na taga-Aho; si Maharai na taga-Netofa;

29si Heleb, anak ni Baana, taga-Netofa rin; si Itai, anak ni Ribai na taga-Gibea sa lupain ng Benjamin;

30si Benaias na taga-Piraton; si Hidai na buhat sa mga libis ng Gaas;

31si Abi-albon na taga-Araba; si Azmavet na taga-Bahurim;

32si Eliaba na taga-Saalbon; si Jasen na taga-Gimzo:

33si Jonatan, anak ni Samma, taga-Arar; si Ahiam, anak ni Sarar, taga-Arar din;

34si Elifelet, anak ni Ahasbai, taga-Maaca; si Eliam na anak ni Ahitofel na taga-Gilo;

35si Hezrai na taga-Carmel; si Paarai na taga-Arab;

36si Igal na anak ni Natan, taga-Soba; si Bani na mula sa Gad;

37si Selec na taga-Ammon; si Naharai na taga-Beerot, tagapagdala ng kasuotang pandigma ni Joab na anak ni Zeruias;

38sina Ira at Jareb na taga-Jatir;

39at si Urias na Heteo. May tatlumpu't pitong magigiting na kawal si David.

## 2 Samuel 24

### Nagsagawa ng Sensus si David

(1 Cro. 21:1-27)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Dumating ang panahong muling nagalit sa Israel si Yahweh, at ginamit niya
si David upang sila'y parusahan. Sinabi niya, “Lumakad ka at bilangin mo ang
mga taga-Israel at mga taga-Juda.”

2Kaya't inutusan ni David si Joab, ang pinuno ng kanyang hukbo, “Pumunta
ka kasama ng iyong mga opisyal sa lahat ng lipi ng Israel mula sa Dan
hanggang Beer-seba, at bilangin ninyo ang sambayanan. Gusto kong
malaman kung gaano sila karami.”

3Sumagot si Joab, “Sana'y loobin ni Yahweh, na paramihin ng sandaang ulit
ang bilang ng sambayanan. At sana'y makita ninyo ang katuparan nito.
Ngunit bakit gusto pa ninyong malaman ang bagay na ito?”

4Ngunit iginiit ni David ang kanyang utos, kaya't lumakad sila upang isagawa
ang pagbilang sa sambayanang Israel.

5Tumawid sila ng Jordan at nagsimula sila sa Aroer tuloy sa lunsod sa gitna
ng kapatagan patungong Gad hanggang sa Jazer.

6Pagkatapos, tumuloy sila sa Gilead at sa Kades, sa lupain ng mga Heteo at
nagtuloy hanggang sa Dan. Mula roo'y nagpunta sila sa Sidon at nagpatuloy

7hanggang sa makarating sila sa may pader na lunsod ng Tiro. Nilibot nila
ang lahat ng bayan ng mga Hivita at Cananeo at nagtapos sila sa Beer-seba
sa katimugan ng Juda.

8Nagbalik sila sa Jerusalem pagkatapos na malibot nila ang buong lupain sa
loob ng siyam na buwan at dalawampung araw.

9Iniulat ni Joab sa hari ang kabuuan ng lahat ng mga lalaking maaaring
maglingkod sa hukbong sandatahan. Sa Israel ay 800,000 at sa Juda naman
ay 500,000.

10Matapos ipabilang ni David ang mga tao, inusig siya ng kanyang budhi.
Sinabi niya kay Yahweh, “Nagkasala ako nang malaki sa ginawa kong ito,
patawarin po ninyo ako sa aking kahangalan.”

11Kinaumagahan, pagkagising ni David, sa utos ni Yahweh ay pumunta sa
kanya ang propetang si Gad. Sinabi nito kay David,

12“Ito po ang ipinapasabi sa inyo ni Yahweh, ‘Mamili ka kung alin sa tatlong
parusang ito ang gusto mong gawin ko sa iyo:

13Tatlong taóng taggutom sa iyong lupain, tatlong buwang pag-uusig ng
iyong mga kaaway o tatlong araw na salot! Alin ang gusto ninyo para masabi
ko sa nagsugo sa akin?”

14Sumagot si David, “Hirap na hirap ang aking kalooban sa nangyaring ito.
Sapagkat mahabagin si Yahweh, ang pipiliin ko'y ang tuwirang parusa niya,
kaysa ako'y mahulog pa sa kamay ng mga tao.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15 Kaya't si Yahweh ay nagpadala ng salot sa Israel, at mula sa Dan hanggang Beer-seba ay 70,000 tao ang namatay. Nangyari ito mula nang umagang iyon hanggang sa itinakdang panahon.

16 Nang iunat ng anghel ang kanyang kamay upang puksain ang mga taga-Jerusalem, pinigil siya ni Yahweh. Nagbago ang pasya nito at sinabi, “Tama na! Huwag mo nang ituloy.” Ang anghel ni Yahweh ay nakatayo noon sa giikan ni Arauna, isang Jebuseo.

17 Nang makita ni David ang anghel, sinabi niya kay Yahweh, “Napakalaki ng pagkakasalang nagawa ko sa inyo at ang mga walang malay na tupang ito ang nagdurusa. Ako at ang aking sambahayan ang parusahan ninyo.”

18 Nang araw ring iyon, lumapit si Gad kay David at sinabi, “Gumawa kayo ng altar para kay Yahweh sa giikan ni Arauna.”

19 Sinunod ni David ang utos ni Yahweh.

20 Nang makita ni Arauna na dumarating ang hari kasama ang kanyang mga lingkod, sumalubong siya at nagpatirapa sa harapan niyon.

21 “Ano po kaya ang inyong pakay, Kamahalan, at dumalaw sa inyong abang lingkod?” tanong ni Arauna. Sumagot si David, “Bibilhin ko ang iyong giikan para pagtayuan ng altar ni Yahweh, upang mahinto na ang salot.”

22 “Hindi na po kailangang bilhin ito; gamitin na po ninyo sa paghahandog,” tugon naman ni Arauna. Sinabi pa niya, “Mayroon po akong mga toro dito. Ito na po ang inyong ihandog. Ang kariton po namang ito at mga pamatok ay gawin na ninyong panggatong.”

23 Nang maibigay niya ang lahat ng ito ay idinugtong pa niya, “Maging kalugud-lugod nawa ang inyong handog kay Yahweh na inyong Diyos.”

24 Ngunit sinabi ng hari, “Hindi maaari; babayaran kita, sapagkat hindi ako maghahandog kay Yahweh nang anumang walang halaga sa akin.” Kaya't binayaran ni David ang giikang iyon at ang toro sa halagang limampung pirasong pilak.

25 Gumawa nga siya ng altar at nagdala roon ng handog na susunugin at handog pangkapayapaan. Pinakinggan ni Yahweh ang panalangin ni David para sa bansa at tumigil na nga ang salot sa Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 1 Mga Hari 1

### Si David nang Matanda na

1 Matandang-matanda na noon si Haring David. Kahit kumutan ng makapal ay giniginaw pa rin siya.

2 Kaya't sinabi ng kanyang mga lingkod, “Kung ipapahintulot po ninyo, Kamahalan, ihahanap namin kayo ng isang dalaga na dito titira at mag-aalaga sa inyo. Matutulog siya sa tabi ninyo upang mabigyan kayo ng init.”

3 At naghanap nga sila sa buong Israel ng isang magandang dalaga, at natagpuan nila si Abisag na taga-Sunem. Siya'y kanilang dinala sa hari.

4 Tumira siya sa piling ng hari at inalagaan ito. Bagama't siya'y napakaganda, hindi siya ginalaw ng hari.

### Binalak ni Adonias na Maging Hari

5 Samantala, ipinamamalita ni Adonias na anak ni Haguit na siya ang susunod na hari. May inihanda na siyang mga karwahe, mga mangangabayo at limampung alalay na kawal.

6 Ni minsa'y hindi siya pinagsabihan o sinaway ng hari sa mga ginagawa niya. Si Adonias ay nakababatang kapatid ni Absalom, at napakakisig ding tulad nito.

7 Kinausap na niya si Joab na anak ni Zeruias at ang paring si Abiatar, at sumang-ayon ang mga ito na siya'y tutulungan.

8 Ngunit hindi pumanig sa kanya ang paring si Zadok at ang propetang si Natan, pati si Benaias na anak ni Joiada, gayundin sina Simei at Rei at ang magigiting na bantay ni David.

9 Naghandog si Adonias ng maraming tupa, baka at pinatabang toro sa Bato ng Zohelete na malapit sa En-rogel. Inanyayahan niya roon ang kanyang mga kapatid, ang mga anak ng hari, at ang mga opisyal ng hari mula sa lipi ni Juda.

10 Ngunit hindi niya inanyayahan ang propetang si Natan, si Benaias at ang mga bantay ng hari at ang kapatid niyang si Solomon.

11 Kaya kinausap ni Natan si Batsheba na ina ni Solomon. Sabi niya, “Hindi ba ninyo alam na ipinahayag na ni Adonias na siya na ang hari at ito ay lingid sa kaalaman ni Haring David?

12 Kung gusto ninyong iligtas ang sarili ninyong buhay at pati ang buhay ng inyong anak na si Solomon, ito ang maipapayo ko:

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13pumunta agad kayo sa hari at sabihin sa kanya, “Hindi ba't ipinangako ninyo sa akin na si Solomon ang maghahari na kahalili ninyo? Bakit si Adonias ngayon ang naging hari?

14At samantalang kausap ninyo ang hari, papasok ako at patutunayan ko ang inyong sinabi.”

15Pumunta nga si Batsheba sa silid ng hari. Ang hari noon ay matandang-matanda na at si Abisag, ang dalagang taga-Sunem ang nag-aalaga sa kanya.

16Yumuko si Batsheba at nagpatirapa sa harapan ng hari. “Anong kailangan mo?” tanong ng hari.

17Sumagot siya, “Mahal kong hari, ipinangako po ninyo sa akin sa pangalan ng Diyos ninyong si Yahweh na ang anak kong si Solomon ang magiging hari kapalit ninyo.

18Subalit naghahari na ngayon si Adonias nang hindi ninyo nalalaman.

19Nagpatay po siya ng maraming baka, tupa at pinatabang toro. Inanyayahan po niya sa pagdiriwang na iyon ang mga anak ng hari, ang paring si Abiatar at si Joab, ang pinakamataas na pinuno ng inyong hukbo. Ngunit hindi niya inanyayahan ang inyong lingkod na si Solomon.

20Kaya po, mahal na hari, hinihintay ng buong bayang Israel na sabihin ninyo kung sino talaga ang hahalili sa inyo bilang hari.

21At kung hindi, pagkamatay po ninyo'y manganganib ang buhay ko at ng anak kong si Solomon.”

22Samantalang magkausap ang hari at si Batsheba, dumating naman ang propetang si Natan.

23May nagsabi sa hari na ito'y naghihintay, kaya't ito'y kanyang ipinatawag. Lumapit ang propeta, nagpatirapa sa harapan ng hari,

24at ang sabi, “Mahal na hari, ipinahayag na po ba ninyo na si Adonias ang papalit sa inyo?

25Ngayon po'y nasa labas siya ng lunsod at nagpapatay ng maraming baka, tupa at pinatabang toro. Inanyayahan po niya ang mga anak ng hari, si Joab na pinakamataas na pinuno ng hukbo at ang paring si Abiatar. Naroon po sila't nagkakainan at nag-iinuman, at ang isinisigaw ay ‘Mabuhay si Haring Adonias!’

26Ngunit ako pong inyong lingkod, at ang paring si Zadok, si Benaias na anak ni Joiada, at ang anak ninyong si Solomon ay hindi niya inanyayahan.

27Ito po ba'y utos ng mahal na hari? Bakit po walang nagsabi sa inyong lingkod kung sino ang susunod sa inyo bilang hari?”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

28Kaya't nagsalita si Haring David, “Tawagin ninyo si Batsheba.” Paglapit ni Batsheba

29ay sinabi ng hari, “Saksi si Yahweh, ang buháy na Diyos ng Israel na nagligtas sa akin sa lahat kong mga kaaway!

30Nanumpa ako noon sa pangalan niya, na ang anak mong si Solomon ang siyang hahalili sa akin. Tutuparin ko ngayon ang aking pangako.”

31Nagpatirapa si Batsheba sa harapan ng hari bilang paggalang. “Mabuhay ang Haring David magpakailanman,” sabi niya.

32Pagkatapos, sinabi ni Haring David: “Tawagin ninyo ang paring si Zadok, ang propetang si Natan at si Benaias.” Kaya't humarap sa hari ang mga tinawag.

33Sila naman ang inutusan ng hari, “Isama ninyo ang aking mga opisyal, pasakayin ninyo ang anak kong si Solomon sa aking sariling mola at samahan ninyo siya patungo sa Gihon.

34Bubuhusan siya roon ng langis bilang hari ng Israel ng paring si Zadok at ng propetang si Natan. Pagkatapos ay hipan ninyo ang trumpeta at isigaw ninyo, ‘Mabuhay si Haring Solomon!’

35Sundan ninyo siya pabalik dito at paupuin sa aking trono, sapagkat siya ang papalit sa akin bilang hari. Siya ang aking pinili na magiging hari sa Israel at sa Juda.”

36Sumagot si Benaias, “Matutupad po! At pagtibayin nawa ito ni Yahweh, ang Diyos ng mahal na hari.

37At kung paanong pinagpala ni Yahweh ang mahal kong hari, nawa'y pagpalain din niya si Solomon. Nawa'y maging mas dakila ang kanyang paghahari kaysa paghahari ng mahal kong haring si David.”

38Lumakad nga ang paring si Zadok, ang propetang si Natan at si Benaias at ang mga Kereteo at Peleteo. Pinasakay nila si Solomon sa mola ni Haring David at sinamahan siya patungong Gihon.

39Kinuha ng paring si Zadok sa tolda ang sungay na lalagyan ng langis, at binuhusan ng langis si Solomon bilang hari. Hinipan nila ang trumpeta at nagsigawan ang lahat, “Mabuhay si Haring Solomon!”

40Inihatid siya ng mga tao pabalik sa lunsod. Habang daa'y nagsisigawan sila sa tuwa at nagtutugtugan ng mga plauta, at halos mayanig ang lupa sa lakas ng ingay.

41Tapos nang kumain noon ang mga panauhin ni Adonias, at ang ingay ay narinig nilang lahat. Narinig din ni Joab ang tunog ng trumpeta, kaya naitanong niya, “Ano iyon? Bakit maingay sa lunsod?”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

42Nagsasalita pa siya nang dumating si Jonatan, anak ng paring si Abiatar. “Halika rito,” tawag ni Adonias. “Narito ang isang mabuting tao at tiyak na mabuti rin ang dala niyang balita.”

43Sumagot si Jonatan, “Hindi po! Ipinahayag na po ni Haring David na si Solomon na ang hari.

44Pinasama ng hari kay Solomon ang paring si Zadok, ang propetang si Natan, si Benaias na anak ni Joiada at ang mga Kereteo at Peleteo at pinasakay nila ito sa mola ng hari.

45Binuhusan na siya ng langis bilang hari ng paring si Zadok at ng propetang si Natan sa Gihon. Siya ay inihatid nila sa lunsod at nagsisigawan sa tuwa ang mga tao. Iyon po ang ingay na naririnig ninyo.

46At ngayon po, nakaupo na si Solomon sa trono.

47Pati ang matataas na opisyal ng hari ay pumunta na po kay Haring David at siya'y binati. Sabi po nila, ‘Loobin nawa ng inyong Diyos na ang pangalan ni Solomon ay maging higit na dakila kaysa inyong pangalan. At ang paghahari niya'y maging higit na dakila kaysa inyong paghahari.’ Yumuko ang hari sa kanyang pagkakahiga,

48at ganito ang sinabi: ‘Purihin si Yahweh, ang Diyos ng Israel, sapagkat minarapat niyang makita ko sa araw na ito ang isa sa aking mga anak na nakaupo sa aking trono.’”

49Nang marinig ito, natakot ang lahat ng panauhin ni Adonias at nagkanya-kanyang takas.

50Natakot din si Adonias kay Solomon, kaya't tumakbo siya sa altar ng Toldang Tipanan at kumapit sa mga sungay nito.

51May nagsabi kay Solomon, “Takot na takot po sa inyong Kamahalan si Adonias. Nakakapit siya sa mga sungay ng altar at ipinapasabi na hindi siya aalis doon kung hindi muna kayo mangangako na hindi ninyo siya papatayin.” Sumagot si Solomon,

52“Kung mapapatunayan niyang siya'y tapat, hindi siya mamamatay, wala ni isang hibla ng kanyang buhok ang malalaglag sa lupa. Ngunit kung hindi, siya'y mamamatay.”

53Kaya't pinapuntahan siya ni Haring Solomon at ipinakuha sa altar. Paglapit ni Adonias, nagpatirapa ito sa harapan ni Haring Solomon. Sinabi naman sa kanya ni Solomon, “Umuwi ka na sa inyo.”

## 1 Mga Hari 2

### Mga Huling Habilin ni Haring David

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Nang malapit nang mamatay si David, pinagbilinan niya si Solomon ng ganito:

2“Malapit na akong mamatay. Magpakatatag ka at lakasan mo ang iyong loob.

3Tuparin mo ang iyong tungkulin kay Yahweh na iyong Diyos, at mamuhay ka ayon sa kanyang kalooban. Sundin mo ang kanyang mga batas, utos, hatol at tuntunin ayon sa nakasulat sa Kautusan ni Moises. Sa gayon, magtatagumpay ka sa lahat mong gawain,

4at tutuparin ni Yahweh ang pangako niya sa akin: ‘Kapag ang iyong mga anak at susunod na salinlahi ay nanatiling tapat sa akin at sumunod sa akin nang buong puso't kaluluwa, magpapatuloy ang iyong angkan sa trono ng Israel.’

5“Alam mo ang ginawa sa akin ni Joab na anak ni Zeruias, nang patayin niya ang dalawang pinakamataas na pinuno ng hukbo ng Israel na si Abner at si Amasa na anak ni Jeter. Sa pagpatay niya sa dalawang ito, ipinaghiganti sa panahon ng kapayapaan ang dugong dumanak sa panahon ng digmaan. Sa gayo'y dinungisan niya ang aking pangalan bilang marangal na mandirigma.

6Gawin mo sa kanya ang inaakala mong dapat gawin. Huwag mong hahayaang mamatay siya nang mapayapa.

7“Ipagpatuloy mo ang magandang pakikitungo sa angkan ni Barzilai na taga-Gilead. Paglaanan mo sila ng upuan sa iyong hapag-kainan, sapagkat tinulungan nila ako noong ako'y tumatakas sa kapatid mong si Absalom.

8“Huwag mo ring kalilimutan si Simei na taga-Bahurim, ang anak ni Gera na mula sa lipi ni Benjamin. Pinagmumura niya ako noong ako'y umalis patungo sa Mahanaim. Nang masalubong ko siya sa Jordan, ipinangako ko sa pangalan ni Yahweh na hindi ko siya papatayin.

9Ngunit tiyakin mong siya'y mapaparusahan. Matalino kang tao at alam mo ang dapat gawin. Iparanas mo sa kanya ang lupit ng kamatayan.”

10Namatay si Haring David at inilibing sa Lunsod ni David.

11Apatnapung taon siyang naghari: pitong taon sa Hebron at tatlumpu't tatlong taon naman sa Jerusalem.

**Si Solomon ay Naging Hari**

12Kaya't nang maupo na si Solomon sa trono ni David bilang bagong hari, matatag na ang kanyang kaharian.

13Samantala, nilapitan naman ni Adonias na anak ni Haguit ang ina ni Solomon na si Batsheba. “Kapayapaan ba ang pakay mo?” tanong ni Batsheba. “Opo! Kapayapaan po!” tugon ni Adonias,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14at idinugtong niya, “May sasabihin po ako sa inyo!” “Magpatuloy ka,” sagot ni Batsheba.

15Nagsalita si Adonias, “Alam po naman ninyo, na ako sana ang naging hari; ito ang inaasahan ng bayan. Ngunit nawala sa akin ang korona at napunta sa aking kapatid, sapagkat iyon ang kagustuhan ni Yahweh.

16Mayroon po akong hihilingin sa inyo. Huwag ninyo sanang ipagkakait sa akin!” “Sabihin mo,” wika uli ni Batsheba.

17At nagpatuloy si Adonias, “Alam ko pong hindi siya makakatanggi sa inyo, maaari po bang hingin ninyo sa Haring Solomon na ipagkaloob sa akin na maging asawa ko si Abisag, ang dalagang taga-Sunem?”

18“Sige! Kakausapin ko ang hari,” sagot ni Batsheba.

19Kaya't pumunta si Batsheba kay Haring Solomon upang sabihin ang kahilingan ni Adonias. Tumayo ang hari upang siya'y salubungin, yumuko sa kanya, at saka naupo sa kanyang trono. Nagpakuha ng isa pang trono, inilagay sa kanyang kanan at doon pinaupo ang ina.

20“Mayroon akong isang maliit na kahilingan sa iyo, anak! Huwag mo sana akong tatanggihan,” sabi ng ina. Sumagot ang hari, “Mahal kong ina, sabihin ninyo! Alam ninyong hindi ko kayo matatanggihan!”

21Kaya't nagpatuloy si Batsheba: “Ipahintulot mong si Abisag, ang dalagang taga-Sunem, ay maging asawa ng kapatid mong si Adonias.”

22Sumagot si Haring Solomon sa kanyang ina, “At bakit po ninyo hiniling si Abisag para kay Adonias? Bakit hindi rin ninyo hilinging ibigay ko sa kanya ang trono, sapagkat siya'y nakatatanda kong kapatid; at ang paring si Abiatar, pati si Joab na anak ni Zeruias ay nasa kanyang panig.”

23Nanumpa noon si Haring Solomon, “Parusahan nawa ako ni Yahweh kapag hahayaan ko pang mabuhay si Adonias dahil sa ginawa niyang ito!

24Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy na naglagay sa akin sa trono ng aking amang si David, at nangakong mananatiling maghahari sa Israel ang aming lahi; sa araw ding ito'y mamamatay si Adonias.”

25Kaya't iniutos niya kay Benaias na patayin si Adonias, at ganoon nga ang nangyari.

### Ang Parusa kay Abiatar

26Tungkol naman sa paring si Abiatar, siya'y pinagsabihan ng hari, “Pumunta ka sa lupain mo sa Anatot. Dapat ka sanang mamatay. Ngunit hindi kita ipapapatay sa araw na ito alang-alang sa pangangasiwa mo sa Kaban ng Tipan ng Panginoong Yahweh nang kasama ka pa ng aking amang si David, at sa pakikisama mo sa kanya sa mga hirap na kanyang dinanas.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Ngunit tinanggal ni Solomon si Abiatar sa pagkapari ni Yahweh. Sa gayong paraan, natupad ang sinabi ni Yahweh sa Shilo tungkol sa angkan ni Eli.

### Ang Pagkamatay ni Joab

28Ang lahat ng ito'y nabalitaan ni Joab. Sapagkat pumanig siya kay Adonias, kahit hindi siya pumanig kay Absalom, kaya't nagtago siya sa Tolda ni Yahweh at kumapit sa mga sungay ng altar.

29Nang malaman ni Haring Solomon na nagtago si Joab sa Tolda ni Yahweh sa tabi ng altar, pinapunta roon si Benaias upang siya'y patayin.

30Pumunta nga si Benaias sa Tolda ni Yahweh at tinawag si Joab, "Iniuutos ng hari na lumabas ka riyan." Ngunit sumagot si Joab; "Hindi ako lalabas dito; dito ako mamamatay." At sinabi ni Benaias sa hari ang sagot ni Joab.

31Kaya't iniutos ng hari: "Gawin mo ang sinabi niya. Patayin mo siya at ilibing. Sa gayon, aalisin mo sa lahi ng aking ama ang sumpa sa pagpatay ng mga walang sala.

32Siya na rin ang sisisihin ni Yahweh sa kanyang sariling pagkamatay, sapagkat pumatay siya ng dalawang lalaking higit na mabuti kaysa kanya, si Abner at si Amasa na anak ni Jeter. Pinatay niya sa pamamagitan ng patalim ang dalawang pinunong ito ng hukbo ng Israel nang hindi nalalaman ng ama kong si David.

33Ang sumpa ng kanilang dugo ay dadalhin ni Joab at ng kanyang lahi magpakailanman. At patatatagin ni Yahweh si David, ang kanyang lahi at ang kanyang kaharian magpakailanman."

34Pinuntahan nga ni Benaias si Joab at pinatay; siya'y inilibing sa kanyang tirahang malapit sa ilang.

35Si Benaias na anak ni Joiada ang inihalili ng hari kay Joab bilang pinakamataas na pinuno ng hukbo. At ang paring si Zadok naman ang ipinalit kay Abiatar.

### Ang Pagkamatay ni Simei

36Pagkatapos, ipinasundo ng hari si Simei at sinabi sa kanya, "Magtayo ka ng bahay sa Jerusalem, dito ka tumira, at huwag kang lalabas ng lunsod.

37At tandaan mo ito: Kapag tumawid ka ng Batis ng Kidron, mamamatay ka; at ikaw na rin ang mananagot sa iyong pagkamatay."

38Sumagot si Simei, "Maaasahan po ninyo! Susundin ko po ang inyong utos." At mahabang panahon ngang nanirahan si Simei sa Jerusalem.

39Ngunit pagkalipas ng tatlong taon, may dalawang alipin si Simei na tumakas at pumunta kay Aquis na anak ni Maaca, hari ng Gat. At may nagsabi sa kanya na ang mga alipin niya'y nasa Gat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

40Ipinahanda niya ang kanyang asno at pumunta kay Aquis upang kunin ang kanyang mga alipin. Nakuha nga niya sa Gat ang kanyang mga alipin at siya'y bumalik na.

41Nabalitaan ni Solomon na si Simei ay umalis ng Jerusalem at nanggaling sa Gat.

42Ipinatawag siya ng hari at sinabi sa kanya, “Hindi ba't pinanumpa kita sa pangalan ni Yahweh at binalaan pa kita na mamamatay ka kapag nagpunta ka ng ibang lugar? Di ba't ang sagot mo'y susunod ka?

43Bakit hindi mo iginalang ang sumpa mo kay Yahweh at ang utos ko sa iyo?”

44At idinagdag pa ng hari, “Alam mo ang mga kasamaang ginawa mo sa aking amang si David. Ngayon, sa iyong ulo ibinabagsak ni Yahweh ang lahat ng iyon.

45Ngunit pagpapalain niya si Haring Solomon, at sa tulong niya'y magiging matatag ang kaharian ni David.”

46Iniutos ng hari kay Benaias na patayin si Simei, at ganoon nga ang nangyari. Kaya't naging lubusang matatag ang paghahari ni Solomon.

## 1 Mga Hari 3

### Ang Karunungan ni Solomon

(2 Cro. 1:3-12)

1Naging kakampi ni Solomon ang Faraon, hari ng Egipto, nang kanyang pakasalan ang anak nito. Itinira niya ang prinsesa sa lunsod ni David habang hindi pa tapos ang kanyang palasyo, ang bahay ni Yahweh at ang pader ng Jerusalem.

2Ngunit ang mga taong-bayan ay patuloy pang nag-aalay ng kanilang mga handog sa Diyos sa mga sagradong burol, sapagkat wala pa noong naitatayong bahay sambahan para kay Yahweh.

3Mahal ni Solomon si Yahweh, at sinusunod niya ang mga tagubilin ng kanyang amang si David. Subalit nag-aalay din siya ng handog at nagsusunog ng insenso sa mga altar sa burol.

4Minsan, pumunta si Solomon sa Gibeon upang maghandog, sapagkat iyon ang pinakatanyag na sagradong burol. Nakapag-alay na siya roon ng daan-daang handog na sinusunog.

5Kinagabihan, samantalang siya'y naroon pa sa Gibeon, nagpakita sa kanya si Yahweh sa isang panaginip at tinanong siya, “Ano ang gusto mong ibigay ko sa iyo? Sabihin mo!” wika sa kanya.

6Sumagot si Solomon, “Kinahahabagan ninyo at tunay na minahal ang aking amang si David dahil naging tapat at matuwid siya sa inyo at naging malinis

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ang kanyang puso. At ipinagpatuloy ninyo ang inyong tapat na pagmamahal sa kanya nang bigyan ninyo siya ng isang anak na ngayo'y nakaupo sa kanyang trono.

7Yahweh, aking Diyos, ginawa mo akong hari bilang kahalili ng aking amang si David, kahit ako'y bata pa't walang karanasan.

8Ngayo'y nasa kalagitnaan ako ng iyong bayang pinili, bayang hindi na mabilang sa dami.

9Bigyan po ninyo ako ng karunungang kailangan ko sa pamamahala at kakayahang kumilala ng mabuti sa masama. Sapagkat sino po ba ang may kakayahang maghari sa napakalaking bayang ito?”

10Dahil ito ang hiniling ni Solomon, nalugod sa kanya si Yahweh

11at sinabi sa kanya, “Dahil hindi ka humiling para sa iyong sarili ng mahabang buhay, o kayamanan, o kamatayan ng iyong mga kaaway, kundi ang hiniling mo'y karunungang kumilala ng mabuti sa masama,

12ibibigay ko sa iyo ang hiniling mo. Bibigyan kita ng karunungan na walang kapantay, maging sa mga nauna o sa mga susunod pa sa iyo.

13Ibibigay ko rin sa iyo ang mga bagay na hindi mo hiningi: kayamanan at karangalang hindi mapapantayan ng sinumang hari sa buong buhay mo.

14At kung mamumuhay ka ayon sa aking kalooban, kung susundin mo ang aking mga batas at mga utos, tulad ng ginawa ng iyong amang si David, pagkakalooban pa kita ng mahabang buhay.”

15Nagising si Solomon at noon niya nalaman na siya'y kinausap ni Yahweh sa panaginip. Pagbalik niya sa Jerusalem, pumunta siya sa harap ng Kaban ng Tipan ni Yahweh, at nag-alay ng mga handog na susunugin at mga handog para sa kapayapaan. Naghanda rin siya ng isang salu-salo para sa kanyang mga tauhan.

**Ang Hatol ni Solomon**

16Isang araw, nagpunta sa hari ang dalawang babaing nagbebenta ng panandaliang-aliw.

17Ang sabi ng isa, “Mahal na hari, kami po ng babaing ito ay nakatira sa iisang bahay. Nanganak po ako habang siya'y naroon.

18Pagkalipas ng tatlong araw nanganak din ang babaing ito. Wala po kaming ibang kasama roon.

19Isang gabi ay nadaganan po niya ang kanyang anak at ito'y namatay.

20Malalim na ang gabi nang siya'y bumangon at habang ako nama'y natutulog. Kinuha niya sa tabi ko ang aking anak at dinala sa kanyang higaan, at inilagay naman sa tabi ko ang kanyang patay na anak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Kinaumagahan, bumangon po ako upang pasusuhin ang aking anak, ngunit natagpuan ko na lang na ito'y patay na. Subalit nang pagmasdan ko pong mabuti, nakilala kong hindi iyon ang aking anak."

22Tumutol naman ang pangalawa at ang sabi, "Hindi totoo 'yan! Anak ko ang buháy at ang sa iyo'y patay." Lalo namang iginiit ng una, "Hindi totoo 'yan! Anak mo ang patay at akin ang buháy!" At ganito ang kanilang pagtatalo sa harapan ng hari.

23Kaya't sinabi ni Solomon sa isa, "Sinasabi mong iyo ang buháy na bata at kanya ang patay;" at sa ikalawa, "Ang sabi mo nama'y iyo ang buháy at kanya ang patay."

24Kaya nagpakuha ang hari ng isang tabak. At dinala nga sa kanya ang isang tabak.

25Sinabi ng hari, "Hatiin ang batang buháy at ibigay ang kalahati sa bawat isa."

26Nabagbag ang puso ng tunay na ina ng batang buháy at napasigaw: "Huwag po, Kamahalan! Ibigay na po ninyo sa kanya ang bata, huwag lamang ninyong patayin." Sabi naman noong isa, "Sige, hatiin ninyo ang bata upang walang makinabang kahit sino sa amin!"

27Kaya't sinabi ni Solomon, "Huwag ninyong patayin ang bata. Ibigay ninyo sa una; siya ang tunay niyang ina."

28Napabalita sa buong Israel ang hatol na iginawad ng hari at ang lahat ay nagkaroon ng paggalang at takot sa kanya. Nabatid nilang taglay niya ang karunungan ng Diyos upang humatol nang makatarungan.

## 1 Mga Hari 4

### Ang mga Opisyal ni Solomon

1-6Ito ang matataas na opisyal ni Solomon nang siya'y hari ng buong Israel: Pari: Azariah na anak ni Zadok Kalihim ng Pamahalaan: Elihoref at Ahias na mga anak ni Sisa Tagapag-ingat ng mga Kasulatan: Jehoshafat na anak ni Ahilud Pinakamataas na pinuno ng hukbo: Benaias na anak ni Joiada Mga Pari: Zadok at Abiatar Tagapamahala sa mga punong-lalawigan: Azarias na anak ni Natan Tagapayo ng Hari: Ang paring si Zabud na anak ni Natan Katiwala sa palasyo: Ahisar Tagapangasiwa sa sapilitang paggawa: Adoniram na anak ni Abda

7Naglagay din si Solomon ng labindalawang punong-lalawigan. Bawat buwan, isa sa kanila ang nag-iipon at nagpapadala ng pagkain para sa hari at kanyang sambahayan.

8Ito ang kanilang mga pangalan: si Benhur, sa kabundukan ng Efraim;

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9si Ben-dequer ang sa Macaz, Saalbim, Beth-semes, at Elon-behanan;

10si Ben-hessed, sa Arubot; sa kanya rin ang Socoh at ang buong lupain ng
Hefer.

11Sa kataasan ng Dor, si Ben-abinadab, na manugang ni Solomon—asawa
ni Tafath.

12Si Baana, anak ni Ahilud, ang sa Taanac at Megido, kabila ng Jokneam.
Sakop din niya ang buong Beth-sean sa ibaba ng Jezreel, buhat sa Beth-
sean hanggang sa Abel-mehola na nasa tabi ng Zaretan.

13Si Ben-geber ang sa Ramot-galaad. Kanya ang mga kampo ni Jair na anak
ni Manases sa lupain ng Gilead. Kanya rin ang sakop ng Argob sa lupain ng
Bashan—animnapung lunsod na napapaligiran ng pader at may kandadong
tanso sa mga tarangkahan.

14Sa Mahanaim naman ay si Ahinadab na anak ni Iddo,

15at si Ahimaaz, asawa ni Basemat na anak ni Solomon ang sa Neftali.

16Si Baana na anak ni Husai ang sa Asher at sa Alot,

17at si Jehoshafat na anak ni Parua ang sa Isacar.

18Sa Benjamin ay si Simei na anak ni Ela,

19samantalang si Geber na anak ni Uri ay inilagay niya sa Gilead, sa lupain
ni Sihon, hari ng mga Amoreo, at ni Og, hari ng Bashan. At mayroon pang
isang pinuno sa mga sariling lupain ng hari.

**Ang Kayamanan at Karunungan ni Solomon**

20Parang buhangin sa tabing-dagat sa dami ang mga mamamayan sa Juda
at Israel. Sagana sila sa pagkain at inumin at masaya silang namumuhay.

21Napasailalim sa kaharian ni Solomon ang lahat ng kaharian mula sa Ilog
Eufrates hanggang sa lupain ng mga Filisteo at hangganan ng Egipto.
Nagbabayad sila ng buwis at naglilingkod sa kanya habang siya'y
nabubuhay.

22Ganito karami ang pagkaing nauubos ni Solomon at ng kanyang mga
tauhan araw-araw. Harinang mainam, 150 kaban; harinang karaniwan, 300
kaban;

23ulo ng pinatabang baka, sampu nito ay bakang galing sa pastulan;
isandaang tupa, bukod pa ang mga usang malalaki at maliliit, mga usang
gubat at mga gansa.

24Sakop niya ang lahat ng lupain sa kanluran ng Ilog Eufrates buhat sa Tifsa
hanggang sa Gaza, at nagpasakop sa kanya ang lahat ng hari sa kanluran
ng ilog. Kaya't walang gumagambala sa kanyang kaharian.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Habang nabubuhay si Solomon ay mapayapa ang buong Juda at Israel. Mula sa Dan hanggang sa Beer-seba bawat pamilya ay may sariling punong ubas at punong igos.

26Si Solomon ay may 40,000 kuwadra ng kabayo para sa kanyang mga karwahe, at mayroon rin siyang 12,000 mangangabayo.

27Ang labindalawang punong-lalawigan ang nagpapadala ng mga pagkain at lahat ng pangangailangan ni Solomon at ng mga tauhang pinapakain niya, bawat isa'y isang buwan. Kailanma'y hindi sila nagkulang.

28Sila rin ang nagbibigay ng sebada at dayami para sa mga kabayong sasakyan at pangkarwahe; ipinadadala nila iyon kung saan kailangan.

29Walang kapantay ang katalinuhan at karunungang ipinagkaloob ni Yahweh kay Solomon. Walang katulad ang kanyang kaalaman.

30Ito ay higit sa karunungan ng lahat ng mga matatalinong tao sa silangan at sa buong Egipto.

31Mas marunong siya kaysa sinumang tao. Mas marunong siya kay Etan na mula sa angkan ni Ezra, at kina Heman, Calcol, Darda, na mga anak ni Machol. Naging tanyag siya sa lahat ng bansa sa paligid.

32Siya ang may-akda ng tatlong libong salawikain; kumatha rin siya ng isang libo't limang mga awit.

33Nakapagpapaliwanag siya tungkol sa lahat ng uri ng halaman: mula sa sedar ng Lebanon hanggang sa hisopong tumutubo sa pader. Naipapaliwanag din niya ang tungkol sa mga hayop na lumalakad o gumagapang sa lupa; gayundin ang tungkol sa mga ibon at mga isda.

34Dinadayo siya ng mga hari sa buong daigdig upang makinig sa kanyang karunungan. Pinapapunta rin sa kanya ang maraming mga tao upang siya'y mapakinggan.

## 1 Mga Hari 5

### Paghahanda sa Pagtatayo ng Templo

(2 Cro. 2:1-18)

1Matagal nang magkaibigan si Hiram na hari ng Tiro at si Haring David. Kaya't nang mabalitaan nitong si Solomon ay pinili na bilang hari, at siyang kahalili ng kanyang amang si David, nagpadala agad ito ng mga sugo kay Solomon.

2Nagsugo rin sa kanya si Solomon at ganito ang ipinasabi:

3"Alam po ninyo na ang ama kong si David ay hindi nakapagtayo ng Templo para kay Yahweh na kanyang Diyos. Ito'y dahil sa mga digmaang hinarap niya sa magkabi-kabilang panig hanggang sa pagtagumpayin siya ni Yahweh laban sa lahat niyang mga kaaway.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

4Ngunit binigyan ako ngayon ng Diyos kong si Yahweh ng kapayapaan sa buong kaharian. Wala na akong kaaway at wala nang panganib na pinangangambahan.

5Kaya binabalak kong ipagtayo ng isang templo si Yahweh na aking Diyos. Gaya ng pangako niya sa aking ama, 'Ang anak mo na pauupuin ko sa iyong trono bilang kahalili ang siyang magtatayo ng aking Templo.'

6Kaya hinihiling ko sa inyong Kamahalan na bigyan ako ng mga tauhang puputol ng mga sedar sa Lebanon. Babayaran ko sila sa halagang itatakda ninyo. Tutulong sa kanila ang mga tauhan ko sapagkat hindi sila sanay magputol ng mga punongkahoy tulad ng mga taga-Sidon."

7Lubos na ikinatuwa ni Hiram nang marinig niya ang kahilingang iyon ni Solomon. Kaya't sinabi niya, "Purihin si Yahweh sa araw na ito sapagkat binigyan niya si David ng isang anak na marunong mamahala sa kanyang dakilang sambayanan!"

8At ganito ang naging tugon ni Hiram kay Solomon: "Natanggap ko ang iyong mensahe. Handa akong magbigay sa inyo ng lahat ng kailangan ninyong kahoy na sedar at sipres.

9Ilulusong ng aking mga tauhan ang mga troso buhat sa Lebanon hanggang sa dagat. Buhat naman doon ay babalsahin hanggang sa daungan na inyong mapili. Pagdating doon, saka paghihiwa-hiwalayin upang inyong ipahakot. Bilang kapalit, bibigyan naman ninyo ako ng mga pagkain para sa aking mga tauhan."

10Kaya't pinadalhan ni Hiram si Solomon ng lahat ng kahoy na sedar at sipres na kailangan nito.

11Taun-taon naman ay pinadadalhan ni Solomon si Hiram ng 100,000 takal ng trigo at 110,000 galong langis ng olibo para sa mga tauhan nito.

12Si Solomon nga'y binigyan ni Yahweh ng karunungan tulad ng kanyang ipinangako. Naging magkaibigan sina Solomon at Hiram, at gumawa sila ng kasunduan ng pagkakaibigan.

13Iniutos ni Solomon sa buong Israel ang sapilitang pagtatrabaho ng 30,000 kalalakihan.

14Ipinadadala niya sa Lebanon ang mga ito, 10,000 bawat pangkat. Isang buwan sila sa Lebanon, at dalawang buwan sa kani-kanilang tahanan. Si Adoniram ang tagapangasiwa ng sapilitang paggawang ito.

15Si Solomon ay may walumpung libong tagatibag ng mga bato sa bundok at pitumpung libong tagahakot ng mga ito.

16Umabot sa 3,300 naman ang mga kapatas na namamahala sa mga manggagawa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Sa utos ng hari, nagtatabas sila ng malalaking bato upang gamiting
pundasyon ng Templo.

18Katulong din ng mga tauhan ni Solomon at ni Hiram ang mga taga-Biblos
sa pagtibag ng bato at pagputol ng kahoy na ginamit sa pagtatayo ng Templo.

## 1 Mga Hari 6

**Itinayo ni Solomon ang Templo**

1Apatnaraan at walumpung taon makalipas na ang Israel ay umalis sa Egipto,
nang ikalawang buwan, ng ikaapat na taon ng paghahari ni Solomon,
sinimulan ni Solomon ang pagtatayo ng Templo.

2Ang templong ipinagawa ni Solomon para kay Yahweh ay dalawampu't
pitong metro ang haba, siyam na metro ang luwang at labingtatlo't kalahating
metro ang taas.

3Sa harapan ng Templo, pahalang sa takbo ng kabahayan, ay may pasilyo
na apat at kalahating metro ang haba, at siyam na metro ang luwang.

4Ang mga bintana ng Templo'y may bastidor at mga rehas.

5Nagtayo rin ng isang gusaling may tatlong palapag sa mga gilid ng pader at
sa likod ng templo.

6Dalawa't kalahating metro ang luwang ng unang palapag, tatlong metro ang
pangalawa, at tatlo't kalahati ang pangatlo. Ganito ang nangyari sapagkat sa
gawing labas, ang pader ng Templo ay pakapal nang pakapal ng isang siko
sa bawat palapag, mula sa itaas hanggang pababa. Ang mga biga ng bawat
palapag ay nakapatong sa pader at hindi iniukit dito.

7Tinabas na sa lugar na pinagtibagan ang mga batong ginamit sa Templo,
kaya't walang narinig na pukpok ng martilyo, palakol o anumang
kasangkapang bakal habang ginagawa ang Templo.

8Nasa kanang sulok ng Templo ang pintuang papasok sa unang palapag.
Buhat naman dito'y may paikot na hagdang paakyat sa ikalawang palapag,
at gayundin buhat sa ikalawa paakyat sa ikatlo.

9Nang maitayo na ni Solomon ang mga pader ng Templo, binubungan ito at
nilagyan ng kisame na ipinako sa mga pahalang na posteng sedar.

10Dalawa't kalahating metro ang taas ng bawat palapag ng gusaling
karugtong ng gilid ng Templo. Bawat palapag ay nakakabit sa kabahayan sa
pamamagitan ng mga bigang sedar.

11Sinabi ni Yahweh kay Solomon,

12“Kung susundin mo ang aking mga utos at tutuparin ang aking mga
tagubilin, tutuparin ko ang aking pangako sa iyong amang si David.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Maninirahan akong kasama ng sambayanang Israel sa pamamagitan ng Templong ito na iyong itinatayo, at hindi ko pababayaan ang aking bayang Israel."

14At tinapos nga ni Solomon ang pagpapagawa sa Templo.

**Ang Loob ng Templo**
(2 Cro. 3:8-14)

15Binalot niya ng tabla ang loob niyon. Tablang sedar ang inilapat sa pader buhat sa sahig hanggang sa kisame at tablang sipres naman ang inilatag na sahig.

16Diningdingan niya ang siyam na metro mula sa silid sa kaloob-looban ng Templo na tinatawag na Dakong Kabanal-banalan. Ang lugar na ito'y nilapatan ng tablang sedar mula sa sahig hanggang sa kisame.

17Ang labingwalong metrong natira matapos dingdingan ang Dakong Kabanal-banalan ay tinawag namang Dakong Banal.

18May ukit na mga nakabukang bulaklak at mga tapayan ang tablang sedar na ibinalot sa pader ng Templo.

19Ang Dakong Kabanal-banalan na siyang kaloob-looban ng Templo ay inihanda niya upang paglagyan ng Kaban ng Tipan.

20Siyam na metro ang haba, ang luwang, at ang taas ng Dakong Kabanal-banalan, at ito'y binalot niya ng lantay na ginto.

21Sa harap ng Dakong Kabanal-banalan, nagtayo siya ng isang altar na yari sa tablang sedar at ito'y binalot din niya ng lantay na ginto.

22Binalot din ni Solomon ng lantay na ginto ang buong loob ng Templo, pati ang altar sa Dakong Kabanal-banalan.

23Sa loob ng Dakong Kabanal-banalan, nagpalagay siya ng dalawang kerubin, imaheng nililok sa kahoy na olibo. Apat at kalahating metro ang taas ng bawat isa.

24Kulang na dalawa't kalahating metro ang haba ng bawat pakpak, kaya't apat at kalahating metro ang sukat ng mga pakpak buhat sa magkabilang dulo.

25Apat at kalahating metro rin ang sukat ng pangalawang kerubin, iisa ang sukat at hugis ng dalawa.

26Apat at kalahating metro rin ang taas ng bawat kerubin.

27Inilagay niya ang mga kerubin sa gitna ng Dakong Kabanal-banalan. Nakabuka ang kanilang mga pakpak, at sa gawing labas ay abot sa dingding ng silid ang tig-isa nilang pakpak. Sa gawing loob naman, ang mga dulo ng tig-isa nilang pakpak ay nagtagpo sa gitna ng silid.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

28Balot din ng gintong lantay ang dalawang kerubin.

29Ang buong dingding ng Templo, maging sa Dakong Kabanal-banalan at sa Dakong Banal ay may ukit na mga kerubin, punong palma at mga bulaklak.

30Ang sahig ng Templo buhat sa Dakong Kabanal-banalan hanggang sa Dakong Banal ay may balot na gintong lantay.

31May limang sulok ang pinto ng Dakong Kabanal-banalan, at kahoy na olibo ang mga hamba niyon.

32Tablang olibo rin ang dalawang pangsara, at may ukit itong imahen ng mga kerubin, punong palma at mga bulaklak. Ang mga pangsara'y may kalupkop na gintong kapit na kapit sa mga nakaukit na larawan.

33Parihaba naman ang pintuan ng Dakong Banal. Kahoy na olibo ang mga hamba ng pintong iyon,

34at tablang sipres naman ang mga pinto. Bawat pinto ay may tigalawang panig na natitiklop.

35May ukit ding mga kerubin, punong palma at mga bulaklak ang mga pinto, at may kalupkop na gintong lapat na lapat sa mga ukit.

36Ang bulwagang panloob sa harap ng Templo ay binakuran ni Solomon ng pader na may tatlong hanay ng batong tinabas, at isang hanay na bigang sedar.

37Ikalawang buwan, ng ikaapat na taon ng paghahari ni Solomon, nang ilagay ang mga pundasyong bato ng Templo.

38Ikawalong buwan ng taon nang matapos naman ang Templo. Noo'y ikalabing isang taon ng paghahari ni Solomon. Sa loob ng pitong taon, natapos ang buong Templo ayon sa plano.

## 1 Mga Hari 7

### Ang Palasyo ni Solomon

1Labingtatlong taon naman ang ginugol ni Solomon sa pagpapagawa ng kanyang palasyo.

2Ang gusaling tinatawag na Gubat ng Lebanon ay may apatnapu't limang metro ang haba, dalawampu't dalawa't kalahating metro ang luwang at labingtatlo't kalahating metro ang taas. Ang gusaling ito ay may apat na hanay ng haliging sedar, na siyang kinapapatungan ng mga bigang sedar.

3Sedar din ang bubong ng mga silid na nakapatong sa apatnapu't limang haligi.

4Tatlong hanay ang mga bintana, at ang mga ito'y magkakatapat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Parihaba ang mga hamba ng mga pinto at bintana, at pawang magkakatapat.

6Nagpagawa rin siya ng Bulwagan ng mga Haligi na dalawampu't dalawa't kalahating metro ang haba at labingtatlo't kalahating metro naman ang luwang. Sa pagpasok nito ay may isang pasilyong may bubong.

7Ang silid na kinalalagyan ng trono na tinatawag ding Bulwagan ng Katarungan at kung saan nagbibigay ng hatol si Solomon, ay may dingding, sahig at kisame na tablang sedar.

8Sa likod naman ng bulwagang iyon ay nagpagawa siya ng kanyang tirahan, at ang yari nito'y tulad ng silid Hukuman. Ang kanyang reyna, ang anak ng Faraon, ay ipinagtayo rin niya ng tirahan, at ito'y katulad ng sa kanya.

9Ang lahat ng gusali ay yari sa naglalakihang bato na tinabas ng lagari sa likod at harap.

10May tatlo't kalahating metro ang sukat ng mga batong ginamit sa pundasyon, at mayroon ding apat at kalahating metro.

11Sa paitaas naman, mamahaling batong tinabas at mga trosong sedar ang ginamit.

12Gaya ng portiko at patyo ng Templo, ang patyo ng palasyo ay naliligid ng tatlong hanay na batong tinabas at isang hanay na trosong sedar.

**Ang mga Kagamitan sa Templo**

13Ipinatawag ni Solomon sa Tiro si Hiram,

14anak ng isang balo mula sa lipi ni Neftali na napangasawa ng isang manggagawa ng mga kagamitang tanso na taga-Tiro. Si Hiram ay matalinong manggagawa, at mahusay gumawa ng anumang kagamitang tanso. Siya ang ipinatawag ni Haring Solomon upang gumawa ng lahat ng kagamitang yari sa tanso.

**Ang mga Haliging Tanso**

(2 Cro. 3:15-17)

15Gumawa siya ng dalawang haliging tanso. Walong metro ang taas ng mga ito at lima't kalahating metro ang sukat sa pabilog.

16Ang bawat haligi ay nilagyan niya ng koronang tanso na dalawa't kalahating metro ang taas.

17Gumawa pa siya ng dalawang palamuting animo'y kadena na pinalawit niya sa dakong ibaba ng kapitel, pitong likaw bawat kapitel.

18Naghulma pa siya ng mga hugis granadang tanso na inilagay niya sa ibaba at itaas ng palamuting kadena, dalawang hanay bawat korona ng haligi.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Ang mga korona naman ng mga haligi ay hugis bulaklak ng liryo at dalawang metro ang taas.

20Sa ibaba nito nakapaligid ang mga granadang tanso, 200 bawat kapitel.

21Ang mga haliging ito ay itinayo sa pasilyong nasa harap ng Templo, sa magkabilang tabi ng pinto. Ang kanan ay tinawag na Jaquin at ang kaliwa'y Boaz.

22At sa ibabaw ng mga haligi'y nilagyan ng mga kapitel na hugis-liryo. Dito natapos ang paggawa ng mga haligi.

**Ang Tansong Ipunan ng Tubig**

(2 Cro. 4:2-5)

23Gumawa si Hiram ng isang malaking ipunan ng tubig apat at kalahating metro ang luwang ng labi nito, dalawa't kalahating metro ang lalim at labingtatlo't kalahating metro naman ang sukat sa pabilog.

24Sa gilid nito'y nakapaikot ang palamuting hugis upo, sampu sa bawat kalahating metro. Ang mga palamuti ay nakahanay nang dalawa na kasamang hinulma ng ipunan.

25Ang ipunan ay ipinatong sa gulugod ng labindalawang torong tanso, na magkakatalikuran: tatlo ang nakaharap sa silangan, tatlo sa kanluran, tatlo sa hilaga at tatlo sa timog.

26Tatlong pulgada ang kapal ng ipunan at ang labi nito'y parang labi ng tasa, hugis bulaklak ng liryo. Ang ipunang tanso ay naglalaman ng 10,000 galong tubig.

**Ang mga Patungan ng Hugasan**

27Gumawa pa siya ng sampung patungang tanso para sa mga hugasan. Bawat isa'y dalawang metro ang haba at lapad; isa't kalahating metro naman ang taas.

28Ang mga ito ay ginawang parisukat na dingding na nakahinang sa mga balangkas.

29Ang bawat dingding ay may mga nakaukit na larawan ng leon, baka, at kerubin. Ang mga gilid naman ng balangkas sa itaas at ibaba ng leon at baka ay may mga nakaukit na palamuting bulaklak na hugis korona.

30Ang bawat patungan ay may apat na gulong na tanso at mga eheng tanso. Sa apat na sulok ng patungan ay may apat na tukod na tanso na siyang patungan ng hugasan.

31Sa ibabaw ng mga tukod na ito ay may pabilog na balangkas para patungan ng hugasan at may taas na kalahating metro. Ang butas ng korona ay bilog at may 0.7 metro ang lalim. Ngunit parisukat ang ibabaw ng patungan, at ito'y may mga dibuhong nakaukit.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

32Ang bastidor ay nakapatong sa mga ehe ng gulong. Ang mga gulong naman ay nasa ilalim ng mga dingding. Dalawampu't pitong pulgada ang taas ng mga gulong,

33at ang mga ito'y parang mga gulong ng karwahe; ang mga ehe, gilid, rayos at ang panggitnang bahagi ng gulong ay yaring lahat sa tanso.

34Ang mga tukod naman sa apat na sulok at ang patungan ay iisang piraso.

35Ang ibabaw ng patungan ay may leeg na pabilog, siyam na pulgada ang taas. Dito nakasalalay ang labi ng hugasan. Ang leeg, ang kanyang suporta at ang ibabaw ng patungan ay iisang piyesa lamang,

36at ito'y may mga disenyong kerubin, leon, baka at mga punong palma.

37Ganyan ang pagkayari ng sampung patungang tanso; iisa ang pagkakahulma, iisang sukat at iisang hugis.

38Gumawa rin siya ng sampung hugasang tanso, tig-isa ang bawat patungan. Dalawang metro ang luwang ng labi, at naglalaman ang bawat isa ng 880 litrong tubig.

39Inilagay niya ang lima sa gawing kaliwa at ang lima'y sa gawing kanan ng Templo. Samantala, ang tangkeng tanso ay nasa gawing kanan ng Templo, sa sulok na timog-silangan.

40Gumawa rin si Hiram ng mga kaldero, mga pala at mga mangkok. Natapos nga niyang lahat ang mga ipinagawa sa kanya ni Haring Solomon:

41ang dalawang haliging tanso, ang mga kapitel nito at mga kadenang nakapalamuti sa kapitel;

42ang 400 hugis granada na nakapaligid nang dalawang hanay sa puno ng kapitel;

43ang sampung hugasan at ang kani-kanilang mga patungan;

44ang tangkeng tanso at ang labindalawang toro na kinapapatungan niyon;

45ang mga kaldero, pala at mangkok. Ang lahat ng nasabing kagamitan na ipinagawa ni Haring Solomon kay Hiram ay purong tanso.

46Ipinahulma niya ang lahat ng iyon sa kapatagan ng Jordan sa isang pagawaang nasa pagitan ng Sucot at Zaretan.

47Hindi na ipinatimbang ni Solomon ang mga kasangkapang tanso sapagkat napakarami ng mga iyon.

48Nagpagawa rin si Solomon ng mga kagamitang ginto na nasa Templo ni Yahweh: ang altar na sunugan ng insenso, ang mesang patungan ng tinapay na handog;

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[49]ang mga patungan ng ilawan sa harap ng Dakong Kabanal-banalan, lima sa kanan at lima sa kaliwa; ang mga palamuting bulaklak, ang mga ilawan at pang-ipit ng mitsa;

[50]ang mga tasang lalagyan ng langis, ang mga pamutol ng mitsa, ang mga mangkok, ang mga sisidlan ng insenso at lalagyan ng apoy; at ang mga paikutan ng mga pinto ng Dakong Kabanal-banalan, at gayundin ng mga pinto ng Dakong Banal.

[51]Natapos ngang lahat ang mga ipinagawa ni Solomon para sa Templo ni Yahweh. Tinipon din niya ang lahat ng ginto, pilak at kagamitang inihandog ng kanyang amang si David, at itinago sa lalagyan ng kayamanan ng Templo.

## 1 Mga Hari 8

### Dinala sa Templo ang Kaban ng Tipan

(2 Cro. 5:2–6:2)

[1]Ang pinuno ng Israel at ang mga pinuno ng mga lipi at ng mga angkan ng Israel ay ipinatawag ni Solomon sa Jerusalem upang kunin ang Kaban ng Tipan sa Zion, ang lunsod ni David.

[2]Kaya nagpunta kay Solomon ang mga pinuno ng Israel noong kapistahan ng ikapitong buwan ng taon.

[3]Nang naroon na ang lahat, binuhat ng mga pari ang Kaban ng Tipan.

[4]Tinulungan sila ng mga Levita sa pagdadala ng Kaban ng Tipan, ng Tolda, at ng mga kagamitang naroroon.

[5]Hindi mabilang ang mga baka at tupang inihandog ni Haring Solomon at ng buong Israel sa harap ng Kaban ng Tipan.

[6]Pagkatapos, ipinasok ng mga pari ang Kaban ng Tipan sa Dakong Kabanal-banalan, at inilagay sa ilalim ng mga pakpak ng mga kerubin.

[7]Nakabuka ang pakpak ng mga kerubin, kaya't nalulukuban ng mga iyon ang Kaban ng Tipan at ang mga pasanan nito.

[8]Lampas sa Kaban ang mga dulo ng pasanan, kaya't kitang-kita sa Dakong Banal, sa harap ng Dakong Kabanal-banalan; ngunit hindi nakikita sa labas. Naroon pa ang mga pasanan hanggang sa panahong ito.

[9]Walang ibang laman ang Kaban kundi ang dalawang tapyas ng batong inilagay roon ni Moises noong sila'y nasa Sinai. Ito ang mga tapyas ng batong kinasusulatan ng kasunduang ginawa ni Yahweh sa bayang Israel noong umalis sila sa lupain ng Egipto.

### Ang Templo'y Napuno ng Kaluwalhatian ni Yahweh

[10]Pagkalabas ng mga pari, ang Templo'y napuno ng ulap;

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11kaya't hindi sila makapagpatuloy ng gawain sa loob. Ang Templo'y napuno ng kaluwalhatian ni Yahweh.

12Kaya't sinabi ni Solomon: "O Yahweh, kayo ang naglagay ng araw sa langit, ngunit minabuti ninyong manirahan sa makapal na ulap.

13Ipinagtayo ko kayo ng isang kahanga-hangang Templo, isang bahay na titirhan ninyo habang panahon."

**Nagpuri si Solomon kay Yahweh**
(2 Cro. 6:3-11)

14Pagkatapos, humarap si Solomon sa buong bayan at sila'y binasbasan.

15Wika niya, "Purihin si Yahweh, ang Diyos ng Israel. Tinupad niya ang kanyang pangako kay David na aking ama. Sinabi niya noon,

16'Mula pa nang ilabas ko sa Egipto ang aking bayang Israel hanggang ngayon, hindi ako pumili ng alinmang lunsod sa labindalawang lipi upang ipagtayo ako ng Templo na kung saa'y sasambahin ang aking pangalan. Ngunit pinili ko si David upang mamuno sa aking bayan.'

17"Binalak ng aking ama na ipagtayo ng Templo si Yahweh, ang Diyos ng Israel.

18Ngunit sinabi sa kanya ni Yahweh, 'Maganda ang balak mong magtayo ng Templo para sa akin,

19subalit hindi ikaw ang magtatayo niyon. Ang iyong magiging anak ang siyang magtatayo ng Templo para sa ikararangal ng aking pangalan.'

20"Natupad ngayon ang pangako ni Yahweh. Humalili ako sa aking amang si David at naupo sa trono ng Israel, gaya ng ipinangako niya. Naitayo ko na ang Templo para sa ikararangal ni Yahweh, ang Diyos ng Israel.

21Naglaan ako roon ng lugar para sa Kaban na kinalalagyan ng Tipan na ibinigay ni Yahweh sa ating mga ninuno nang sila'y ilabas niya sa Egipto."

**Ang Panalangin ni Solomon**
(2 Cro. 6:12-42)

22Pagkatapos nito, sa harapan pa rin ng buong bayan, tumayo si Solomon sa harap ng altar. Itinaas niya ang mga kamay,

23at nanalangin ng ganito: "Yahweh, Diyos ng Israel, sa langit at sa lupa'y walang ibang Diyos na tulad ninyo. Tapat kayo sa inyong mga pangako sa inyong mga alipin; wagas ang pag-ibig na ipinadarama ninyo sa kanila habang sila'y nananatiling tapat sa inyo.

24Tinupad ninyo ang inyong pangako sa aking amang si David; ang ipinangako ninyo noon ay tinupad ninyo ngayon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25 Kaya nga Yahweh, ipagpatuloy ninyong tuparin ang inyong pangako kay David na sa habang panahon ay magmumula sa kanyang angkan ang maghahari sa Israel, kung sila'y mananatiling tapat sa inyo gaya ng ginawa niya.

26 Pagtibayin ninyo, Diyos ng Israel, ang mga pangakong binitiwan ninyo sa aking amang si David na inyong alipin.

27 “Maaari bang manirahan sa lupa ang Diyos? Kung ang langit, ang kataas-taasang langit, ay di sapat na maging tahanan ninyo, ito pa kayang hamak na templo na aking itinayo!

28 Gayunman, pakinggan ninyo ang dalangin at pagsamo ng inyong alipin, O Yahweh, aking Diyos. Dinggin ninyo sa araw na ito ang panawagan ng inyong alipin.

29 Huwag ninyong iwaglit sa inyong paningin araw-gabi ang Templong ito, yamang kayo ang maysabi na ang pangalan ninyo'y mamamalagi rito. Sa gayon maririnig ninyo ang bawat dalangin ng inyong alipin tuwing mananalangin sa lugar na ito.

30 “Pakinggan po ninyo ang inyong lingkod at ang inyong bayang Israel tuwing kami'y mananalanging paharap sa lugar na ito. Pakinggan ninyo kami buhat sa inyong tahanan sa langit at patawarin ninyo kami!

31 “Kapag nagkasala sa kanyang kapwa ang isang tao, at siya'y pinanumpa sa harap ng inyong altar sa Templong ito,

32 pakinggan ninyo sila buhat sa langit at kayo ang humatol sa kanila. Parusahan ninyo ang nagkasala at pagpalain ninyo ang walang kasalanan.

33 “Kapag natalo ng kanilang mga kaaway ang bayan ninyong Israel dahil sa pagtalikod nila sa inyo, sa sandaling magbalik-loob sila sa inyo, kumilala sa inyong kapangyarihan, nanalangin at nanawagan sa inyo sa Templong ito,

34 pakinggan ninyo sila at patawarin. Ibalik ninyo sila sa lupaing ibinigay ninyo sa kanilang mga ninuno.

35 “Kapag ang langit ay nagkait ng ulan sapagkat nagkasala sa inyo ang bayang Israel, kung sila'y manalangin sa Templong ito at magpuri sa inyong pangalan, kapag sila'y nagsisi sa kanilang kasalanan sa pagkakilalang iyon ang dahilan ng inyong pagpaparusa,

36 pakinggan ninyo sila, Yahweh. Patawarin ninyo ang inyong mga alipin, ang bayang Israel. Ituro ninyo sa kanila ang landas na dapat nilang lakaran. Ibuhos na ninyo ang ulan sa lupaing ibinigay ninyo sa inyong bayan.

37 “Kung lumaganap sa lupain ang gutom at salot, kung malanta at matuyo ang mga halaman, kung ang mga ito'y salantain ng uod at balang, kapag ang alinman sa kanilang lunsod ay kinubkob ng kaaway,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

38pakinggan ninyo ang kanilang dalangin. Sa sandaling sila'y magsisi at iunat ang kanilang mga kamay paharap sa lugar na ito upang tumawag at magmakaawa sa inyo,

39pakinggan ninyo sila mula sa langit na inyong tahanan at sila'y patawarin. Ibigay ninyo sa kanila ang nararapat sa kanilang mga gawa, sapagkat kayo lamang ang nakakaalam kung ano ang nasa puso ng mga tao.

40Sa gayon, mananatili silang may takot sa inyo habang sila'y nabubuhay dito sa lupaing ibinigay ninyo sa aming mga ninuno.

41-42"Kung ang isang dayuhan na mula pa sa malayong lugar na nakarinig ng kadakilaan ng inyong pangalan at mga kabutihang ginawa ninyo para sa inyong bayang Israel ay nanirahan sa bayang ito at nagsadya sa Templong ito upang manalangin,

43pakinggan ninyo siya buhat sa langit na inyong tahanan, at ipagkaloob ang kanyang hinihiling. Sa gayon, makikilala ng lahat ng tao sa buong mundo ang inyong pangalan at sila'y sasamba sa inyo, tulad ng Israel. Malalaman nilang dito sa Templong ito na aking itinayo, ang inyong pangalan ay dapat sambahin.

44"Kapag inutusan ninyo ang inyong bayan na makipagdigma sa kanilang mga kaaway bilang pagsunod sa inyong kalooban, kapag sila'y humarap sa lunsod na ito na inyong pinili, sa Templong ito na ipinatayo ko para sa inyong karangalan,

45pakinggan ninyo sila at papagtagumpayin ninyo sila.

46"Yahweh, ang lahat po ay nagkasala. Kung ang bayang ito'y magkasala sa inyo at dahil sa galit ninyo'y pinabayaan ninyo silang mabihag ng kanilang mga kaaway sa malayo o malapit man,

47kung sa lupaing pinagdalhan sa kanila'y makilala nila ang kanilang kamalian at tanggapin nilang sila nga'y naging masama at nagkasala sa inyo,

48sa sandaling sila'y magsisi at magbalik-loob sa inyo, at mula doo'y humarap sila sa lupaing kaloob sa kanilang mga ninuno, sa lunsod na ito na inyong pinili, sa Templong ito na ipinatayo ko sa inyong pangalan,

49pakinggan ninyo sila mula sa tahanan ninyo sa langit at ipaglaban po ninyo sila.

50Patawarin ninyo ang inyong bayan sa kanilang pagkakasala sa inyo. Loobin ninyong kahabagan sila ng mga kaaway na bumihag sa kanila,

51sapagkat ito ang bayang inyong pinili at inilabas mula sa Egipto, ang lupaing tulad sa nagliliyab na hurno.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

52“Lagi ninyong lingapin ang bayang Israel; lagi ninyong pakinggan ang kanilang panawagan.

53Kayo at wala nang iba pa ang pumili sa kanila mula sa lahat ng mga bansa sa buong mundo, upang sila'y maging inyo. Ito, Panginoong Yahweh, ang sinabi ninyo sa pamamagitan ni Moises nang hanguin ninyo sa Egipto ang aming mga ninuno.”

### Pagbabasbas sa Bayan

54Nakaluhod si Solomon sa harap ng altar ni Yahweh at nakataas ang mga kamay samantalang nananalangin. Nang matapos ang kanyang pananawagan kay Yahweh,

55tumayo siya at sa malakas na tinig ay binasbasan ang buong Israel na nagkakatipon doon.

56“Purihin si Yahweh! Tinupad niyang lahat ang kanyang mga pangako, at binigyan ng kapayapaan ang bayan niyang Israel. Sa lahat niyang mga pangako kay Moises, wala isa mang nasira.

57Sumaatin nawang lagi si Yahweh, ang ating Diyos, gaya ng ginawa niya sa ating mga ninuno. Huwag nawa niya tayong pabayaan o itakwil kailanman.

58Tulungan nawa niya tayong maging tapat sa kanya, upang mamuhay ayon sa kanyang kalooban, at sundin ang kanyang mga batas, tuntunin at hatol, gaya ng ipinag-utos niya sa ating mga ninuno.

59Manatili nawa araw-gabi sa harapan ni Yahweh itong aking panalangin upang sa bawat araw ay pagkalooban niya ng katarungan ang kanyang alipin, at ang kanyang bayang Israel ayon sa hinihingi ng pagkakataon.

60Sa gayon, malalaman ng lahat ng tao sa balat ng lupa na si Yahweh ay Diyos, at liban sa kanya'y wala nang iba.

61Manatili nga kayong tapat kay Yahweh, na ating Diyos. Sundin ninyo ang kanyang mga utos, tulad ng ginagawa ninyo ngayon.”

### Mga Handog sa Araw ng Pagtatalaga ng Templo

(2 Cro. 7:4-10)

62Sa pagtitipong ito nag-alay si Solomon at ang buong Israel ng napakaraming handog.

63Nagpatay sila ng 22,000 baka at 120,000 tupa bilang handog na pinagsasaluhan. Sa gayong paraan ginawa ni Solomon at ng buong Israel ang pagtatalaga ng Templo ni Yahweh.

64Nang araw ding iyon, itinalaga ni Solomon ang bulwagan sa harap ng Templo. Doon niya inihain ang handog na susunugin, ang mga handog na pagkaing butil, at ang mga taba ng handog na pinagsasaluhan sapagkat ang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

altar na tanso sa harapan ng Templo ay napakaliit para sa ganoon karaming handog.

65Kaya nga't nang taóng iyon, natipon sa Jerusalem ang buong Israel mula sa Pasong Hamat hanggang sa Batis ng Egipto. Sa pamumuno ni Solomon, ipinagdiwang nila ang Pista ng mga Tolda sa loob ng pitong araw.

66Sa ikawalong araw, pinauwi na ni Solomon ang mga mamamayan. Masaya silang umuwi at binasbasan ang hari dahil sa mga pagpapalang ipinagkaloob ni Yahweh kay David na kanyang lingkod, at sa kanyang bayang Israel.

## 1 Mga Hari 9

### Muling Nagpakita kay Solomon si Yahweh

(2 Cro. 7:11-22)

1Nang maipagawa na ni Solomon ang Templo ni Yahweh, ang palasyo ng hari, at ang lahat ng binalak niyang ipatayo,

2nagpakita muli sa kanya si Yahweh, tulad ng nangyari sa Gibeon.

3Sinabi sa kanya, "Ibinigay ko ang lahat ng hiniling mo sa iyong panalangin. Itinatakda kong sa Templong ito na inyong ipinatayo, dito mo ako sasambahin magpakailanman. Babantayan ko at iingatan ang Templong ito habang panahon.

4Kung ikaw naman ay mananatiling tapat sa akin, gaya ng iyong amang si David, kung gagawin mong lahat ang mga ipinagagawa ko sa iyo, at susundin mo ang aking mga utos at tuntunin,

5pananatilihin ko sa trono ng Israel ang iyong angkan. Iyan ang aking ipinangako sa iyong amang si David.

6Ngunit kung ikaw, o ang iyong mga anak, ay tatalikod sa akin at hindi susunod sa aking mga kautusan at batas; kapag kayo'y sumamba at naglingkod sa ibang diyos,

7palalayasin ko ang bayang Israel sa lupaing ibinigay ko sa kanila. Itatakwil ko ang Templong ito na aking itinuring na banal at itinakdang lugar na kung saan ako ay sasambahin. Ang Israel ay pagtatawanan at hahamakin ng lahat ng bansa.

8Magigiba ang Templong ito, at sinumang mapadaan dito'y mangingilabot at magtataka. Sasabihin nila, 'Bakit ginawa ito ni Yahweh sa lupaing ito at sa Templong ito?'

9At ganito ang isasagot ng mga tao: 'Sapagkat tinalikuran nila si Yahweh, ang kanilang Diyos na nagligtas sa kanilang mga ninuno mula sa pagkaalipin sa Egipto. Sumamba sila at naglingkod sa ibang mga diyos kaya pinabayaan sila ni Yahweh na mapahamak.'"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Iba pang mga Ipinagawa ni Solomon
(2 Cro. 8:1-18)

10 Dalawampung taon ang nagugol ni Solomon sa pagpapatayo ng Templo ni Yahweh at ng kanyang palasyo.

11 Si Hiram, hari ng Tiro, ang nagpadala ng mga kahoy na sedar at sipres at ginto na ginamit para doon. Dahil dito, siya'y binigyan ni Solomon ng dalawampung lunsod sa lupain ng Galilea bilang kapalit.

12 Ngunit nang dumating si Hiram mula sa Tiro upang tingnan ang mga lunsod na bigay sa kanya ni Solomon, hindi siya lubos na nasiyahan.

13 Kaya nasabi niya, "Kapatid, bakit naman ganito ang mga lunsod na ibinigay mo sa akin?" Kaya't tinawag na Lupa ng Cabul ang mga lunsod na iyon hanggang ngayon.

14 Nagpadala si Hiram kay Solomon ng 4,200 kilong ginto.

15 Gumamit si Haring Solomon ng sapilitang pagtatrabaho upang maipatayo ang Templo ni Yahweh at ang kanyang palasyo, at upang patatagin ang Millo at ang mga pader ng Jerusalem, Hazor, Megido at Gezer.

16 Ang Gezer ay dating lunsod ng mga Cananeo na sinalakay at sinakop ng Faraon, hari ng Egipto. Sinunog niya ito at pinatay ang mga tagaroon. Pagkatapos, ibinigay ng Faraon ang lunsod na ito kay Solomon bilang dote ng kanyang anak na naging reyna ni Solomon.

17 Ngunit ito'y muling ipinatayo ni Solomon. Ipinagawa rin niya ang Beth-horon sa Timog,

18 ang Baalat, ang Tadmor sa ilang

19 at ang mga lunsod at bayang himpilan ng kanyang mga kabayo at karwahe. Ipinagpatuloy niya ang lahat niyang binalak ipagawa sa Jerusalem, sa Lebanon at sa lahat ng lupaing kanyang sakop.

20 Sapilitang pinapagtrabaho ni Solomon ang mga Amoreo, Heteo, Perezeo, Hivita at Jebuseo na nakatira pa sa lupain.

21 Ito ang mga anak at apo ng mga nakaligtas nang iutos ni Yahweh sa mga Israelita na lipulin ang lahat ng lahi na daratnan nila sa lupain ng Canaan.

22 Hindi niya isinama sa sapilitang paggawa ang mga Israelita. Sa halip ang mga ito'y ginawa niyang mandirigma, mga kawal at pinuno ng hukbo, ng kanyang kabayuhan, at ng kanyang mga karwahe.

23 Ang bilang ng mga tagapangasiwa ni Solomon na pinamahala niya sa mga manggagawa ay 550 katao.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Nang mayari na ang palasyong ipinagawa niya para sa reyna na anak ng Faraon, pinalipat niya ito mula sa Lunsod ni David. Pagkatapos, ipinagawa niya ang Millo.

25Taun-taon, tatlong beses na naghahandog si Solomon sa altar na itinayo niya para kay Yahweh. Nag-aalay siya ng mga handog na susunugin at mga handog na pinagsasaluhan, at nagsusunog din siya ng insenso para kay Yahweh. At natapos niya ang pagtatayo ng Templo.

26Nagpagawa rin si Solomon ng maraming barko sa Ezion-geber. Ang lunsod na ito ay nasa baybayin ng Dagat na Pula, sa lupain ng Edom, malapit sa Elat.

27Upang tulungan ang mga tauhan ni Solomon, pinadalhan siya ni Hiram ng sarili niyang mga tauhan na parang mga sanay na mandaragat.

28Pumunta sila sa Ofir, at pagbalik ay nag-uwi sila ng 14,700 kilong ginto at dinala nila kay Solomon.

## 1 Mga Hari 10

### Ang Pagdalaw ng Reyna ng Seba

(2 Cro. 9:1-12)

1Nabalitaan ng reyna ng Seba ang katanyagan ni Solomon. Kaya't nagsadya siya upang subukin ito sa pamamagitan ng mahihirap na katanungan.

2Dumating siya sa Jerusalem na may kasamang maraming alalay at may dalang maraming kayamanan: mga kamelyo na may kargang iba't ibang uri ng pabango, napakaraming ginto at batong hiyas. At nang makaharap na siya ni Solomon, sinabi niya ang kanyang pakay.

3Sinagot naman ni Solomon ang lahat ng kanyang tanong at wala ni isa mang hindi nito naipaliwanag.

4Humanga ang reyna sa karunungan ni Solomon at sa palasyong ipinagawa nito.

5Napansin niya ang pagkain sa hapag ng hari, ang mga tirahan ng kanyang mga opisyal at ang kaayusan ng kanyang mga tauhan. Napansin din niya ang kanyang kasuotan, ang mga tagadulot niya ng inumin, ang handog na iniaalay niya sa Templo. Hangang-hanga ang reyna sa kanyang nakita.

6Kaya't sinabi niya sa hari, “Totoo nga palang lahat ang narinig ko tungkol sa inyo at sa inyong karunungan.

7Hindi ko mapaniwalaan ang mga sinasabi nila sa akin tungkol sa inyo. Ngunit ngayong nakita ko na ang lahat, napatunayan kong wala pa pala sa kalahati ang ibinalita nila sa akin. Sapagkat ang inyong karunungan ay talagang higit kaysa ibinalita nila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Napakapalad ng inyong mga asawa. Mapalad ang inyong mga tauhan sapagkat lagi nilang naririnig ang inyong karunungan!

9Purihin si Yahweh, ang inyong Diyos, na nagpala sa inyo at naglagay sa inyo sa trono ng Israel. Dahil sa walang katapusang pag-ibig ni Yahweh sa Israel, ginawa niya kayong hari upang mamahala dito at magpairal ng katarungan."

10At ang hari'y binigyan niya ng halos 4,200 kilong ginto, at napakaraming pabango at batong hiyas. Kailanma'y hindi natumbasan sa dami ang pabangong iyon na bigay ng reyna ng Seba kay Haring Solomon.

11Bukod dito, ang mga barko ni Hiram na nagdadala ng ginto buhat sa Ofir ay may dala ring mga batong hiyas at napakaraming kahoy na algum.

12Ito ang kahoy na ginamit sa mga upuan sa Templo at sa palasyo ng hari at sa mga lira at alpa ng mga manunugtog. Wala na muling dumating o nakita pang kahoy na tulad nito mula noon hanggang ngayon.

13Ibinigay naman ni Haring Solomon sa reyna ng Seba ang bawat magustuhan nito, ang lahat niyang hinihingi, bukod pa sa kanyang kusang ipinagkaloob sa reyna. Pagkatapos nito'y umuwi na ang reyna pati ang kanyang mga alalay sa lupain ng Seba.

**Ang mga Kayamanan ni Solomon**

(2 Cro. 9:13-29)

14Ang gintong dumarating kay Solomon taun-taon ay umaabot sa 23,310 kilo.

15Hindi pa kabilang dito ang buwis na galing sa mga mangangalakal, ang tubo sa pangangalakal mula sa labas ng bansa, at ang buwis na galing sa mga hari ng Arabia at sa mga gobernador ng mga lalawigan.

16Nagpagawa si Haring Solomon ng 200 malalaking kalasag na balot ng ginto. Umabot sa labinlimang librang ginto ang nagamit na pambalot sa bawat isa.

17Nagpagawa pa siya ng 300 maliliit na kalasag na may balot ding ginto. Halos apat na librang ginto ang nagamit na pambalot sa bawat isa. Ipinalagay ng hari ang mga nasabing kalasag sa palasyo, sa bulwagang tinatawag na Gubat ng Lebanon.

18Nagpagawa rin siya ng isang malaking tronong yari sa garing ng elepante na may mga balot ding gintong lantay.

19Anim na baytang ang paakyat sa trono. May ulo ng bisirong baka ang ulunan ng trono, at may patungan ng bisig sa dalawang tagiliran. May dalawang leon na nakatayo sa tabi nito,

20at labindalawa naman sa magkabilang dulo ng mga baytang. Kailanma'y wala pang ginawang trono na tulad nito sa alinmang kaharian.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Gintong lahat ang mga inuman ng Haring Solomon, at gayundin ang mga kasangkapan sa bulwagang tinatawag na Gubat ng Lebanon. Walang kagamitang pilak dahil hindi pa ito pinahahalagahan noong panahon ni Solomon.

22May mga malalaking barko siya sa karagatan, kasama ng mga barko ni Hiram, at tuwing ikatlong taon ay dumarating ang mga barkong ito na may dalang ginto, pilak, garing, mga unggoy at pabo real.

23Si Haring Solomon ang pinakamarunong at pinakamayaman sa lahat ng mga hari sa buong mundo.

24Dinadayo siya ng mga tao mula sa lahat ng panig ng daigdig upang marinig ang karunungang ibinigay sa kanya ng Diyos.

25At ang bawat isa'y may dalang regalo sa kanya: mga sisidlang ginto at pilak, mga damit at mga sandata, mga pabango, mga kabayo, at mola. At nagpatuloy ito sa loob ng maraming taon.

### Mga Sasakyan ni Solomon

26Nagtatag si Haring Solomon ng isang malaking hukbo na binubuo ng 1,400 karwahe at 12,000 mangangabayo. Ang mga ito'y inilagay niya sa mga bayang himpilan ng mga karwahe at sa Jerusalem upang bantayan ang hari.

27Sa Jerusalem, ang pilak ay naging parang bato sa dami, at ang sedar ay naging kasindami ng sikamoro sa kapatagan.

28Galing pa sa Musri at Cilicia ang mga kabayo ni Solomon. May mga mangangalakal siyang tagapamili doon sa tiyak na halaga.

29Bumibili din sila ng mga karwahe sa Egipto sa halagang 600 pirasong pilak bawat isa at sa 150 piraso naman ang bawat kabayo. Ang mga ito'y ipinagbibili ng mga mangangalakal ni Solomon sa mga haring Heteo at Arameo.

## 1 Mga Hari 11

### Tumalikod si Solomon sa Diyos

1Umibig si Solomon sa maraming dayuhang babae. Bukod pa sa anak ni Faraon, nag-asawa siya ng mga babaing Moabita, Ammonita, Edomita, Sidonio at Heteo.

2Ipinagbabawal ni Yahweh sa mga Israelita ang mag-asawa sa mga banyagang ito. “Huwag kayong mag-aasawa sa mga lahing iyan sapagkat tiyak na ililigaw nila kayo at hihikayating sumamba sa kanilang mga diyus-diyosan,” sabi ni Yahweh. Ngunit nahulog ang loob ni Solomon sa mga babaing ito.

3Ang mga asawa niyang mula sa lipi ng mga hari ay pitong daan, at ang kanya namang mga asawang-lingkod ay tatlong daan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Nang matanda na si Solomon, nahikayat siya ng mga ito na sumamba sa kanilang mga diyus-diyosan. Hindi siya nanatiling tapat kay Yahweh; hindi niya sinundan ang halimbawa ni David na kanyang ama.

5Sumamba si Solomon kay Astarte, ang diyosa ng mga Sidonio at kay Milcom, ang karumal-dumal na diyos ng mga Ammonita.

6Gumawa nga ng kasamaan si Solomon laban kay Yahweh, at hindi niya sinundan ang halimbawa ng kanyang amang si David, na buong katapatang naglingkod kay Yahweh.

7Sa burol na nasa silangan ng Jerusalem ay nagtayo si Solomon ng sambahan para kay Cemos, ang karumal-dumal na diyos ng Moab, at para kay Molec, ang kasuklam-suklam na diyos ng mga Ammonita.

8Ipinagpagawa niya ng kanya-kanyang mga altar ang mga diyus-diyosan ng lahat niyang mga asawang dayuhan, at ang mga ito'y nagsunog doon ng insenso at naghain ng mga handog.

9Nagalit si Yahweh kay Solomon dahil sa ginawa niyang ito. Dalawang beses na nagpakita sa kanya si Yahweh

10at pinagbawalan siyang maglingkod sa mga diyus-diyosan. Ngunit hindi niya sinunod si Yahweh.

11Kaya nga't sinabi nito sa kanya, “Dahil sumira ka sa ating kasunduan at sinuway mo ang aking mga utos, aalisin ko sa iyo ang kaharian at ibibigay ko sa isang lingkod mo.

12Ngunit alang-alang kay David na iyong ama, hindi ko gagawin ito sa panahon ng paghahari mo, kundi sa panahon ng paghahari ng iyong anak.

13Isang lipi lamang ang ititira ko sa kanya alang-alang kay David na aking lingkod, at alang-alang sa Jerusalem, ang lunsod na aking pinili.”

**Ang mga Kaaway ni Solomon**

14Ipinahintulot ni Yahweh na magkaroon ng kaaway si Solomon: ang Edomitang si Hadad, buhat sa lipi ng mga hari ng Edom.

15Nang masakop ni David ang Edom, pumunta roon si Joab, ang pinuno ng kanyang hukbo, upang ipalibing ang mga nasawi sa labanan.

16Anim na buwan siyang nanatili sa Edom, kasama ang buong hukbo ng Israel, at hindi sila umalis hangga't hindi nila napapatay lahat ang mga lalaki roon.

17Subalit si Hadad na bata pa noon ay nakatakas patungo sa Egipto sa tulong ng ilang Edomitang tauhan ng kanyang ama.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Buhat sa Midian nagtungo sila sa Paran, at doo'y nakakuha sila ng ilan pang mga lalaki na isinama nila sa Egipto. Tinanggap siya ng Faraon, ang hari ng Egipto, binigyan ng bahay, lupa at lahat ng kailangan.

19Napamahal si Hadad sa Faraon, at napangasawa niya ang hipag nito, ang kapatid na babae ni Reyna Tafnes.

20Nagkaanak sila ng isang lalaki na tinawag nilang Genubat. Nang ito'y maaaring ihiwalay sa ina, ito'y kinuha ng reyna at pinalaki sa palasyo, kasama ng mga anak ng Faraon.

21Nang mabalitaan ni Hadad na patay na si David at pati na rin si Joab, ang pinuno ng hukbo ng Israel, nagpaalam siya sa Faraon. “Ipahintulot po ninyong umuwi ako sa aming bayan,” wika niya.

22“Kinukulang ka pa ba rito ng anuman at gusto mo nang umuwi sa inyo?” tanong ng Faraon. “Hindi po naman,” sagot ni Hadad. “Ngunit ipahintulot po ninyong makauwi muna ako sa amin.”

23May isa pang kaaway na ginamit si Yahweh laban kay Solomon: si Rezon na anak ni Eliada. Tumakas siya sa kanyang amo, si Hadadezer na hari ng Zoba.

24Nagtipon siya ng mga tauhan at naging pinuno ng isang pangkat ng mga tulisan. Nangyari ito nang talunin ni David si Hadadezer at pinatay ang mga kakampi nitong taga-Siria. Si Rezon at ang pangkat niya ay nanirahan sa Damasco at doo'y ginawa siyang hari ng Siria ng kanyang mga tauhan.

25Naging kaaway siya ng Israel sa buong panahon ng paghahari ni Solomon.

### Ang Pag-aaklas ni Jeroboam

26Isa pa sa mga lumaban kay Solomon ay isa ring tauhan niya, si Jeroboam na anak ng Efrateong si Nebat na taga-Sereda. Ang ina niya'y si Serua na isang biyuda.

27Ito ang kasaysayan ng kanyang paghihimagsik laban sa hari. Ipinagagawa ni Solomon ang muog ng Millo at pinatatakpan ang mga butas sa pader ng Lunsod ng Jerusalem.

28Si Jeroboam ay isang lalaking may kakayahan kaya't nang makita ito ni Solomon, inilagay itong tagapamahala ng lahat ng gawaing bayan sa lupain ng angkan ni Jose.

29Isang araw, lumabas ng Jerusalem si Jeroboam at nasalubong niya si Ahias, ang propetang taga-Shilo. Ito'y nag-iisa, at bago ang dalang balabal.

30Walang anu-ano'y inalis ni Ahias ang kanyang balabal at pinagpunit-punit sa labindalawang piraso.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

31 Sabi niya kay Jeroboam, “Kunin mo ang sampung piraso sapagkat ganito ang ipinapasabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel: ‘Hahatiin ko ang kaharian ni Solomon at ibibigay ko sa iyo ang sampung lipi.

32 Matitira sa kanya ang isang lipi, alang-alang kay David na aking lingkod at alang-alang sa Jerusalem, ang lunsod na aking pinili mula sa lahat ng lipi ng Israel.

33 Ginawa ko ito sapagkat tinalikuran niya ako at naglingkod siya kay Astarte, ang diyos ng mga Sidonio, kay Cemos, ang diyos ng Edom at kay Molec, ang diyos ng mga Ammonita. Hindi siya namuhay nang ayon sa kalooban ko. Hindi niya ginawa ang gusto ko, at hindi niya sinunod ang aking mga utos at tuntunin. Hindi nga niya sinundan ang halimbawa ni David.

34 Ngunit hindi ko aalisin sa kanya ang kaharian habang siya'y nabubuhay. Pananatilihin ko siyang hari alang-alang kay David, ang aking lingkod na tumupad ng aking mga utos.

35 Ngunit kukunin ko ang malaking bahagi ng kaharian mula sa kanyang anak, at ang sampung lipi ay ibibigay ko sa iyo.

36 Isang lipi lamang ang ititira ko sa kanyang anak. Sa gayon, ang lingkod kong si David ay laging magkakaroon ng isang apo na maghahari sa Jerusalem, ang lunsod na pinili ko upang doo'y sambahin ako.

37 Ikaw nga ang maghahari sa Israel at ilalagay ko sa ilalim ng iyong pamamahala ang lahat ng lupang magugustuhan mo.

38 Kung susundin mo ang lahat ng aking mga utos, kung mamumuhay ka ayon sa aking kalooban; kung ang iyong mga gawa'y magiging kalugud-lugod sa aking paningin at susundin mo ang aking mga batas at tuntunin, gaya ng ginawa ni David na aking lingkod, ako'y sasaiyo. Pananatilihin ko ang iyong angkan tulad ng ginawa ko kay David. Ibibigay ko sa iyo ang Israel,

39 at paparusahan ko ang mga anak at apo ni David, ayon sa nararapat sa kanila. Gayunman, ito'y hindi panghabang panahon.’”

40 Dahil dito, sinikap ni Solomon na ipapatay si Jeroboam. Ngunit ito'y nakatakas at nagpunta kay Shishak, hari ng Egipto. Nanatili siya hanggang sa pagkamatay ni Solomon.

### Wakas ng Paghahari ni Solomon

(2 Cro. 9:29-31)

41 Ang iba pang kasaysayan ni Solomon, ang kanyang mga ginawa at mga karunungan ay pawang nakasulat sa *Aklat ng mga Gawa ni Solomon*.

42 Naghari siya sa buong Israel sa loob ng apatnapung taon.

43 Nang siya'y mamatay, inilibing ang kanyang bangkay sa Lunsod ni David na kanyang ama. Humalili sa kanya ang anak niyang si Rehoboam.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 1 Mga Hari 12

### Naghimagsik ang mga Lipi sa Hilaga

(2 Cro. 10:1-19)

1Pumunta sa Shekem si Rehoboam sapagkat nagtipun-tipon doon ang lahat ng mga taga-Israel upang siya'y gawing hari.

2Nasa Egipto pa noon si Jeroboam na anak ni Nebat. Nagtago siya roon noong pinaghahanap siya ni Solomon. Nang mabalitaan ni Jeroboam ang mga pangyayari, umuwi siya mula sa Egipto.

3Siya'y kanilang ipinasundo mula roon. Humarap nga kay Rehoboam si Jeroboam at ang buong Israel at sinabi sa kanya,

4"Napakabigat po ng mga pasaning iniatang sa amin ng inyong ama. Bawasan po ninyo ang pahirap na ginawa niya sa amin; pagaanin ninyo ang pasanin na aming dinadala at paglilingkuran namin kayo."

5Sumagot si Rehoboam, "Bigyan ninyo ako ng tatlong araw upang mapag-aralan ang bagay na ito, at pagkatapos bumalik kayo." Kaya umalis muna ang mga tao.

6Sumangguni si Rehoboam sa matatandang tagapayo na naglingkod kay Solomon nang ito'y nabubuhay pa. Itinanong niya sa kanila kung ano ang dapat niyang gawin.

7At ganito ang sabi sa kanya ng matatanda: "Kapag pinagbigyan ninyo ang kanilang kahilingan at ipinakita ninyong handa kayong maglingkod sa kanila, kapag sila'y inyong pinakitunguhang mabuti, maglilingkod sila sa inyo habang panahon."

8Ngunit binaliwala ni Rehoboam ang payo ng matatanda. Sa halip, nagtanong siya sa mga kababata niya na ngayo'y naglilingkod sa kanya,

9"Ano ang dapat kong isagot sa mga taong humihiling na pagaanin ko ang pasaning ipinataw sa kanila ng aking ama?"

10Ganito naman ang payo nila: "Sabihin mo sa kanila na ang iyong ama ay naging mahina;

11at daragdagan mo pa ang pahirap na kanyang ipinapasan sa kanila; at kung sila'y hinagupit niya ng latigo, hahagupitin mo naman sila ng mga panghampas na may tinik na bakal."

12Pagkalipas ng tatlong araw, bumalik si Jeroboam at ang mga tao, ayon sa iniutos sa kanila ng hari.

13Salungat sa payo ng matatanda, magaspang ang sagot na ibinigay ni Rehoboam sa mga tao.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14 Ang sinunod niya'y ang payo ng kabataan, kaya't sinabi niya, “Kung mabigat ang dalahing ipinapasan sa inyo ng aking ama, daragdagan ko pa iyan! Kung hinagupit niya kayo ng latigo, panghampas na may tinik na bakal ang ihahagupit ko sa inyo!”

15 Hindi nga pinakinggan ng hari ang karaingan ng bayan. Sa ganitong paraan ay natupad ang sinabi ng propeta ni Yahweh na si Ahias kay Jeroboam na anak ni Nebat nang sila'y magkita sa Shilo.

16 Nang makita ng mga taong-bayan na ayaw silang pakinggan ng hari ay sinabi nila, “Umuwi na tayo, O Israel! Ano bang mapapala natin kay David? Ano bang nagawa para sa atin ng anak ni Jesse? Pabayaan na natin ang sambahayan ni David!” Umuwi na nga sa kani-kanilang tahanan ang sampung lipi ng Israel.

17 Ang mga naninirahan lamang sa mga lunsod ng Juda ang nanatiling sakop ni Rehoboam.

18 Pagkatapos, pinapunta niya sa sampung lipi si Adoniram, ang tagapangasiwa ng sapilitang pagtatrabaho, ngunit ito ay pinagbabato nila hanggang mamatay. Kaya't nagmamadaling sumakay si Rehoboam sa kanyang karwahe at tumakas patungo sa Jerusalem.

19 Magmula noon, patuloy na naghimagsik ang sampung lipi ng Israel sa paghahari ng angkan ni David.

### Paghiwalay sa Pamahalaan

(2 Cro. 11:1-4)

20 Nang marinig ng pinuno ng Israel na bumalik na si Jeroboam, siya'y ipinatawag nila sa kapulungan ng bayan at ginawang hari ng sampung lipi ng Israel. Ang lipi lamang ni Juda ang nanatili sa angkan ni David.

21 Pagdating ni Rehoboam sa Jerusalem, tinipon niya ang mga lipi ni Juda at ni Benjamin. Nakatipon siya ng 180,000 mga sanay na mandirigma upang digmain ang sampung lipi ni Israel at bawiin ang kanyang kaharian.

22 Subalit sinabi ni Yahweh kay Semaias na kanyang lingkod,

23 “Sabihin mo kay Rehoboam na anak ni Solomon at hari ng mga lipi ng Juda at Benjamin

24 na huwag na nilang digmain ang sampung lipi ng Israel. Hayaan na niyang makauwi ang bawat isa sa kanya-kanyang tahanan sapagkat ang nangyari ay aking kalooban.” Sinunod naman nila ang utos ni Yahweh at sila'y umuwi sa kani-kanilang mga tahanan.

### Paghiwalay sa Pagsamba

25 Pinatibay ni Jeroboam ang Shekem sa kabundukan ng Efraim at doon siya pansamantalang nanirahan. Pagkatapos, lumipat siya sa Penuel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Naisip ni Jeroboam na kung magpapatuloy ang dating kaugalian ng
kanyang mga nasasakupan, malamang na manumbalik ang mga iyon sa
angkan ni David. Ito ang sabi niya sa sarili,

27“Kapag ang mga taong ito'y hindi tumigil ng pagpunta sa Templo ni Yahweh
sa Jerusalem upang mag-alay ng mga handog, mahuhulog muli ang kanilang
loob sa dati nilang pinuno, si Rehoboam na hari ng Juda, at ako'y kanilang
papatayin.”

28Kaya't matapos pag-isipan ang bagay na ito, gumawa siya ng dalawang
guyang ginto at sinabi sa mga taong-bayan, “Huwag na kayong mag-abalang
pumunta sa Jerusalem. Narito, bayang Israel, ang inyong diyos na naglabas
sa inyo sa Egipto.”

29Inilagay niya ang isa sa Bethel at ang isa nama'y sa Dan.

30At ang bagay na ito'y naging sanhi ng pagkakasala ng Israel. May mga
pumupunta sa Bethel upang sumamba at mayroon din sa Dan.

31Nagtayo pa siya ng mga sambahan sa burol at naglagay ng mga paring
hindi mula sa lipi ni Levi.

32Ginawa niyang pista ang ikalabing limang araw ng ikawalong buwan ng
taon, katulad ng kapistahang ipinagdiriwang sa Juda. Naghandog siya sa
altar sa Bethel sa mga guyang ginto na kanyang ginawa at naglingkod doon
ang mga paring inilagay niya sa mga sagradong burol.

33Pumunta nga siya sa altar na kanyang ipinatayo sa Bethel noong ikalabing
limang araw ng ikawalong buwan, buwan na siya ang pumili. Iyo'y ginawa
niyang pista sa sampung lipi ng Israel, at siya mismo ang umakyat sa altar at
nagsunog ng insenso.

## 1 Mga Hari 13

### Sinumpa ang Altar sa Bethel

1Samantalang nakatayo si Jeroboam sa harap ng altar sa Bethel upang
maghandog, dumating mula sa Juda ang isang propeta ng Diyos.

2Inutusan siya ni Yahweh na sumpain ang altar na iyon. Wika niya, “Altar, O
altar, pakinggan mo ang ipinapasabi ni Yahweh, ‘Isisilang sa angkan ni David
ang isang lalaki na papangalanang Josias. Papatayin niya sa ibabaw mo ang
mga pari ng sagradong burol na naghahandog ng mga hain sa ibabaw mo.
Pagsusunugan ka niya ng mga buto ng tao.”

3Sinabi pa niya, “Ito ang tanda na si Yahweh ang nagpapasabi nito:
‘Magkakadurug-durog ang altar na ito at sasambulat ang mga abo na nasa
ibabaw ng altar.’”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Nang marinig ni Haring Jeroboam ang sumpang iyon laban sa altar ng Bethel, itinuro niya ang lingkod ng Diyos at pasigaw na iniutos; “Dakpin ang taong iyan!” Ngunit biglang nanigas ang kanyang kamay na itinuro sa lingkod ng Diyos, at hindi niya maikilos iyon.

5Noon di'y nagkadurug-durog ang altar at sumambulat nga ang mga abo na nasa ibabaw ng altar, gaya ng ipinahayag ng lingkod ng Diyos.

6Nakiusap ang hari sa lingkod ng Diyos, “Ipanalangin mo ako sa Diyos mong si Yahweh at hilingin mong magbalik sa dati ang aking kamay.” Nanalangin nga ang lingkod ng Diyos kay Yahweh, at gumaling ang kamay ng hari.

7Inanyayahan ng hari ang lingkod ng Diyos na sumama sa kanya at kumain sa kanyang bahay at pinangakuan pang bibigyan ng gantimpala.

8Ngunit tumanggi ang lingkod ng Diyos. “Kahit na po ibigay ninyo sa akin ang kalahati ng inyong kayamanan, hindi ako sasama sa inyo. Hindi rin ako kakain ng anuman dito,

9sapagkat sinabi sa akin ni Yahweh na huwag akong kakain o iinom ng anuman, at pag-uwi ko'y huwag akong magbabalik sa aking dinaanan.”

10Nag-iba nga ng daan ang propeta ng Diyos at hindi dumaan sa dinaanan niya patungo sa Bethel.

**Ang Matandang Propeta sa Bethel**

11Nang panahong iyon, may isang matandang propetang nakatira sa Bethel. Dumating ang kanyang mga anak na lalaki at ibinalita ang mga nangyari sa Bethel nang araw na iyon. Isinalaysay nila ang ginawa ng propeta ng Diyos at ang nangyari sa hari.

12“Saan siya dumaan nang siya'y umalis?” tanong ng ama. Itinuro ng mga anak ang dinaanan ng propeta ng Diyos na nanggaling sa Juda.

13“Ihanda ninyo ang asnong sasakyan ko,” utos ng ama. Inihanda nga ng mga anak ang asno at sumakay ang propeta.

14Hinabol niya ang propeta ng Diyos at inabutan niyang nagpapahinga sa lilim ng puno ng ensina. “Ikaw ba ang propeta ng Diyos na nanggaling sa Juda?” tanong niya. “Ako nga po,” sagot naman nito.

15“Sumama ka sa akin sa aming tahanan upang makakain,” anyaya ng matandang propeta.

16Sumagot naman ang propeta ng Diyos, “Hindi po ako maaaring sumama sa inyo pabalik; hindi rin po ako maaaring kumain o uminom ng anuman dito.

17Sapagkat ganito ang utos sa akin ni Yahweh: ‘Huwag kang kakain o iinom ng anuman doon, at huwag ka ring babalik sa iyong dinaanan.’”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18“Propeta rin akong tulad mo at sinabi sa akin ng isang anghel na inutusan ni Yahweh na dalhin kita sa bahay ko upang pakainin at painumin,” wika ng propeta. Ngunit nagsisinungaling lamang ang matandang propeta.

19Sumama nga sa kanya ang propetang galing sa Juda. Kumain siya at uminom sa bahay ng matandang propeta.

20Habang sila'y kumakain, dumating sa matandang propeta ang isang pahayag mula kay Yahweh.

21Kaya't sumigaw siya sa propetang galing sa Juda, “Ganito ang ipinapasabi ni Yahweh: ‘Sinuway mo ang aking utos;

22bumalik ka sa iyong dinaanan at kumain ka at uminom dito sa lugar na ipinagbawal ko sa iyo. Dahil dito, ang bangkay mo ay hindi malilibing sa libingan ng iyong mga magulang.’”

23Nang sila'y makakain, naghanda ang matandang propeta ng asnong masasakyan ng propetang galing sa Juda.

24Sa kanyang pag-uwi, nakasalubong niya ang isang leon sa daan at siya'y pinatay nito. Nahandusay ang kanyang bangkay sa tabi ng daan at binantayan ng leon at ng asno.

25May mga taong napadaan doon, at nakita nila ang bangkay sa tabi ng daan at ang leong nakabantay. Ibinalita nila sa bayan ang kanilang nakita, at nakarating ang balita sa matandang propeta.

26Nang marinig niya ang nangyari ay kanyang sinabi, “Iyon ang propeta ng Diyos na lumabag sa iniutos sa kanya ni Yahweh. Kaya't pinabayaan siya ni Yahweh na makasalubong at lapain ng leon.”

27Pagkatapos, inutusan niya ang kanyang mga anak na lalaki na ipaghanda siya ng asnong masasakyan.

28Umalis siya at nadatnan ang bangkay sa tabi ng daan. Nakabantay sa tabi ng bangkay ang asno at ang leon. Hindi nito kinain ang bangkay at hindi rin nito ginalaw ang asno.

29Isinakay ng matandang propeta ang bangkay sa kanyang asno at ibinalik sa bayan upang ipagluksa at ilibing.

30Sa sariling libingan ng propeta inilibing ang bangkay ng propeta ng Diyos. “Kawawa ka naman, kapatid!” panaghoy niya.

31Nang mailibing ang bangkay, sinabi ng propeta sa kanyang mga anak na lalaki, “Kapag ako'y namatay, dito rin ninyo ako ililibing, katabi ng kanyang mga buto.

32Sapagkat matutupad ang mga sinabi niya, sa utos ni Yahweh, laban sa altar ng Bethel at laban sa lahat ng sagradong burol ng Samaria.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Itinakwil ni Yahweh ang Sambahayan ni Jeroboam

33Sa kabila ng ganitong mga pangyayari, hindi tumigil si Jeroboam sa kanyang masamang gawain. Patuloy pa rin siya sa paglalagay ng mga paring hindi mula sa lipi ni Levi. Sinumang may gusto ay ginagawa niyang pari ng mga sagradong burol.

34Dahil sa mga kasalanang ito ni Jeroboam, naubos ang kanyang angkan at hindi na muling naghari.

## 1 Mga Hari 14

### Ang Pagkamatay ng Anak ni Jeroboam

1Nang panahong iyon, nagkasakit si Abias na anak ni Jeroboam.

2Kaya't sinabi ni Jeroboam sa kanyang asawa, "Magbalatkayo ka para walang makakilala sa iyo na asawa ka ng hari. Puntahan mo sa Shilo si Ahias, ang propetang nagsabi sa akin na maghahari ako sa bayang Israel.

3Magdala ka ng sampung tinapay, ilang bibingka, at isang garapong pulot. Sasabihin niya sa iyo kung ano ang mangyayari sa anak natin."

4Ganoon nga ang ginawa ng babae. Pinuntahan niya sa Shilo si Ahias. Matandang-matanda na noon si Ahias at bulag na.

5Sinabi sa kanya ni Yahweh, "Pupunta rito ang asawa ni Jeroboam at itatanong niya sa iyo kung ano ang mangyayari sa kanyang anak na may sakit." Sinabi rin ni Yahweh kay Ahias kung ano ang sasabihin niya sa babae. Nang dumating ang asawa ni Jeroboam, siya'y nagkunwaring ibang babae.

6Subalit nang marinig ni Ahias na nasa may pintuan na ang babae, sinabi niya, "Tuloy kayo, asawa ni Jeroboam. Bakit pa kayo nagkukunwari? Mayroon akong masamang balita para sa inyo.

7Bumalik kayo kay Jeroboam at sabihin ninyo, 'Ito ang ipinapasabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel: Pinili kita mula sa mga sambayanan at ginawang pinuno ng aking bayang Israel.

8Inalis ko sa sambahayan ni David ang malaking bahagi ng kaharian at ibinigay sa iyo. Ngunit hindi ka tumulad kay David na aking lingkod. Tinupad niya ang lahat kong iniutos, sinunod niya ako nang buong-puso, at wala siyang ginawa kundi ang kalugud-lugod sa aking paningin.

9Higit ang ginawa mong kasamaan kaysa ginawa ng lahat ng mga nauna sa iyo. Tinalikuran mo ako at ginalit nang magpagawa ka ng sarili mong mga diyos, mga imaheng yari sa tinunaw na metal.

10Dahil dito paparusahan ko ang iyong angkan. Lilipulin ko silang lahat, matanda at bata. Wawalisin kong parang dumi ang buong angkan mo mula sa Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Sinumang kamag-anak mo na mamatay sa loob ng lunsod ay kakainin ng mga aso; ang mamatay naman sa bukid ay kakainin ng mga buwitre.' Ito ang sabi ni Yahweh.

12"Ngayon, umuwi na kayo. Pagpasok na pagpasok ninyo sa bayan ay mamamatay ang inyong anak.

13Ipagluluksa siya ng buong Israel at ihahatid sa kanyang libingan. Siya lamang sa buong angkan ni Jeroboam ang maihahatid sa libingan sapagkat siya lamang ang kinalugdan ni Yahweh, ang Diyos ng Israel.

14Ang Israel ay bibigyan ng Diyos ng ibang hari na siyang magwawakas sa paghahari ng angkan ni Jeroboam.

15Paparusahan ni Yahweh ang bayang Israel hanggang sa ito'y manginig na parang tambo sa tubig na pinapaspas ng hangin. Parang punong bubunutin niya ang bayang Israel mula sa masaganang lupaing ito na ibinigay niya sa kanilang mga ninuno. Magkakawatak-watak sila sa mga lupaing nasa kabila ng ilog sapagkat ginalit nila si Yahweh nang gumawa sila ng mga imahen ng diyus-diyosang si Ashera.

16Pababayaan ni Yahweh ang Israel dahil sa mga kasalanang ginawa ni Jeroboam at sa mga kasalanang ipinagawa nito sa bayang Israel."

17Nagmamadaling umalis ang asawa ni Jeroboam at nagbalik sa Tirza. Pagdating niya sa pintuan ng kanilang bahay, namatay ang bata.

18Siya'y ipinagluksa at inilibing ng buong bayang Israel, tulad ng sinabi ni Yahweh sa pamamagitan ni propeta Ahias.

### Ang Pagkamatay ni Jeroboam

19Ang iba pang mga ginawa ni Jeroboam—ang kanyang mga pakikidigma at kung paano siya naghari ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel.*

20Naghari siya sa loob ng dalawampu't dalawang taon. Namatay siya at inilibing, at si Nadab na kanyang anak ang humalili sa kanya bilang hari.

### Ang Paghahari ni Rehoboam

(2 Cro. 11:5–12:15)

21Naghari naman sa Juda si Rehoboam na anak ni Solomon. Apatnapu't isang taóng gulang siya nang nagsimulang maghari. Labimpitong taon siyang naghari sa Jerusalem, sa lunsod na pinili ni Yahweh mula sa lahat ng mga lipi ng Israel upang doo'y sambahin siya. Ang pangalan ng kanyang ina ay Naama, isang taga-Ammon.

22Gumawa ng kasamaan laban kay Yahweh ang sambayanan ng Juda at higit na masama ang kanilang ginawa kaysa kanilang mga ninuno. Dahil dito'y nagalit sa kanila si Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Nagtayo sila ng mga sambahan, mga haliging bato, at mga larawan ni Ashera sa ibabaw ng bawat burol at sa lilim ng bawat mayabong na punongkahoy.

24Ang pinakamasama pa nito, may mga lalaki at babaing nagbebenta ng panandaliang-aliw sa templo bilang pagsamba. Ginawa ng mga taga-Juda ang mga kasuklam-suklam na gawain ng mga bansang pinalayas ni Yahweh mula sa lupain noong pumasok doon ang mga Israelita.

25Nang ikalimang taon ng paghahari ni Rehoboam, sinalakay ni Shishak na hari ng Egipto ang Lunsod ng Jerusalem.

26Kinuha niya ang mga kayamanan sa Templo ni Yahweh at sa palasyo ng hari. Sinamsam niyang lahat, pati ang mga gintong kalasag na ipinagawa ni Solomon.

27Pinalitan ni Rehoboam ang mga iyon ng mga kalasag na tanso, at inilagay sa pag-iingat ng mga pinuno ng bantay sa hari na nagbabantay sa pintuan ng palasyo.

28Tuwing pupunta ang hari sa Templo ni Yahweh, dala ng mga bantay ang mga kalasag na iyon. Pagkatapos, ibinabalik ang mga kalasag sa himpilan ng mga bantay.

### Ang Pagkamatay ni Rehoboam

29Ang ibang mga ginawa ni Rehoboam ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Juda.*

30Patuloy ang labanan ni Rehoboam at ni Jeroboam sa panahon ng kanilang paghahari.

31Namatay si Rehoboam at inilibing sa libingan ng kanyang mga ninuno sa Lunsod ni David. Ang ina niya'y isang Ammonita na ang pangala'y Naama. Humalili sa kanya si Abiam na kanyang anak.

## 1 Mga Hari 15

### Ang Paghahari ni Abiam sa Juda

(2 Cro. 13:1–14:1)

1Noong ikalabing walong taon ng paghahari sa Israel ni Jeroboam na anak ni Nebat, naging hari naman ng Juda si Abiam

2na anak ni Rehoboam kay Maaca na anak ni Absalom. Tatlong taon siyang naghari, at sa Jerusalem siya nanirahan.

3Sumunod siya sa masasamang halimbawa ng kanyang ama, at hindi sa halimbawa ni David na kanyang ninuno. Hindi siya naging tapat kay Yahweh na kanyang Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Gayunman, alang-alang kay David, ang kanyang angkan ay pinapanatili ni Yahweh na maghari sa Jerusalem. Pinagkalooban siya ng anak na lalaki na hahalili sa kanya, at iningatan sa kaaway ang Jerusalem.

5Ginawa ito ni Yahweh sapagkat pawang matuwid sa paningin niya ang mga gawa ni David. Sa buong buhay niya, hindi siya lumabag sa mga utos ni Yahweh, liban sa ginawa niya kay Urias na Heteo.

6Nagpatuloy ang alitan nina Rehoboam at Jeroboam hanggang sa panahon ni Abiam.

**Ang Pagkamatay ni Abiam**

7Ang iba pang mga ginawa ni Abiam ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Juda.*

8Nang mamatay si Abiam, siya'y inilibing sa Lunsod ni David at ang anak niyang si Asa ang humalili sa kanya bilang hari.

**Ang Paghahari ni Asa sa Juda**
(2 Cro. 15:16–16:6)

9Noong ikadalawampung taon ng paghahari ni Jeroboam sa Israel, naging hari naman ng Juda si Asa.

10Naghari siya sa loob ng apatnapu't isang taon, at sa Jerusalem siya nanirahan. Ang lola ni Asa na si Maaca ay anak ni Absalom.

11Namuhay si Asa nang matuwid sa paningin ni Yahweh, tulad ng kanyang ninunong si David.

12Pinalayas niya sa kaharian ang mga lalaki at babaing nagbebenta ng panandaliang-aliw sa mga sambahan ng mga diyus-diyosan, at winasak ang mga imahen ng mga diyus-diyosang ipinagawa ng mga haring nauna sa kanya.

13Pati ang kanyang lolang si Maaca ay inalisan niya ng karapatan sa pagiging inang-reyna, sapagkat nagpagawa ito ng isang malaswang rebulto ni Ashera. Ipinagiba niya ang rebultong ito at ipinasunog sa Batis ng Kidron.

14Bagama't hindi niya naipagiba lahat ang mga sagradong burol, si Asa ay habang buhay na naging tapat kay Yahweh.

15Ipinasok niya sa Templo ang mga handog ng kanyang ama kay Yahweh, gayundin ang kanyang sariling handog na ginto, pilak at mga kasangkapang sagrado.

16Patuloy ang alitan nina Asa at Baasa na hari ng Israel sa buong panahon ng kanilang paghahari.

17Pinasok ni Baasa ang lupain ng Juda at nagtayo ng kuta sa Rama upang harangan ang daan papunta kay Asa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

18Kaya't tinipon ni Asa ang nalalabing ginto't pilak sa kabang-yaman ng Templo at ng palasyo. Ipinadala iyon sa Damasco, kay Ben-hadad na anak ni Tabrimon at apo ni Hezion na hari ng Siria. Ganito ang kanyang ipinasabi:

19“Nais kong maging magkakampi tayo tulad ng ating mga magulang. Tanggapin mo ang mga regalo kong ito. Hinihiling kong putulin mo ang iyong pakikipagkaibigan kay Baasa na hari ng Israel upang mapilitan siyang umalis sa aking nasasakupan.”

20Sumang-ayon si Ben-hadad kay Haring Asa at nagpadala siya ng mga hukbo at ng mga pinuno nito upang salakayin ang mga lunsod ng Israel. Nasakop nila ang mga bayan ng Ijon, Dan, Abel-bet-maaca, ang lupain sa may Lawa ng Galilea at ang Neftali.

21Nang mabalitaan ito ni Baasa, ipinatigil niya ang pagpapagawa ng kuta sa Rama at pumunta siya sa Tirza.

22Iniutos naman ni Asa sa lahat ng mga taga-Juda na kunin ang mga bato at kahoy na ginamit ni Baasa sa pagtatayo ng kuta sa Rama, at ginamit iyon sa paggawa ng kuta sa Geba at Mizpah, sa lupain ng Benjamin.

**Ang Pagkamatay ni Asa**

23Ang iba pang ginawa ni Haring Asa, ang kanyang kagitingan at mga bayang pinagawan niya ng kuta ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Juda.* Ngunit nang siya'y matanda na, nalumpo siya dahil sa karamdaman sa paa.

24Namatay si Asa at inilibing sa libingan ng mga hari sa Lunsod ni David. At si Jehoshafat na kanyang anak ang humalili sa kanya bilang hari.

**Ang Paghahari ni Nadab sa Israel**

25Nang ikalawang taon ng paghahari ni Asa sa Juda, naging hari naman sa Israel si Nadab na anak ni Jeroboam, at dalawang taon siyang naghari sa Israel.

26Katulad ng kanyang ama na nagbulid sa Israel sa pagkakasala, ginawa rin niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh.

27Naghimagsik laban sa kanya si Baasa na anak ni Ahias, mula sa lipi ni Isacar. Pinatay ni Baasa si Nadab habang kinubkob nito at ng kanyang hukbo ang Gibeton, isang lunsod sa Filistia.

28Nangyari ito nang ikatlong taon ng paghahari ni Asa sa Juda, at si Baasa ang pumalit kay Nadab bilang hari sa Israel.

29Sa simula pa lamang ng kanyang paghahari ay pinagpapatay na niya ang buong pamilya ni Jeroboam, bilang katuparan ng sinabi ni Yahweh sa pamamagitan ni propeta Ahias na taga-Shilo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Ganito ang nangyari sa angkan ni Jeroboam sapagkat ginalit niya si Yahweh dahil sa kanyang mga kasalanan, at sa mga kasalanang ginawa ng bayang Israel dahil sa kanya.

31Ang iba pang mga ginawa ni Nadab ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel*.

32Patuloy ang alitan ni Asa, hari ng Juda at ni Baasa ng Israel sa buong panahon ng kanilang paghahari.

**Paghahari ni Baasa sa Israel**

33Ikatlong taon ng paghahari ni Asa sa Juda nang maghari sa Israel si Baasa, na anak ni Ahias. Dalawampu't apat na taon siyang naghari, at sa Tirza siya nanirahan.

34Katulad ni Haring Jeroboam na nagbulid sa Israel sa pagkakasala, ginawa rin niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh.

## 1 Mga Hari 16

1Isinugo ni Yahweh ang propetang si Jehu na anak ni Hanani kay Baasa at ganito ang ipinasabi:

2“Pinili kita at ginawang hari ng bayan kong Israel. Ngunit sinundan mo ang halimbawa ni Jeroboam at ibinunsod mo sa pagkakasala ang bayan ko.

3Kaya't itatakwil din kita at ang iyong angkan, gaya nang ginawa ko kay Jeroboam.

4Sinuman sa iyong angkan ang mamatay sa loob ng bayan ay kakainin ng mga aso; at sinumang mamatay sa bukid ay kakainin ng mga buwitre.”

5Ang iba pang mga ginawa ni Baasa at ang kanyang kagitingan ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel*.

6Namatay si Baasa at inilibing sa Tirza. Ang anak niyang si Ela ang humalili sa kanya bilang hari.

7Sinugo ni Yahweh ang propetang si Jehu upang ipahayag kay Baasa at sa kanyang pamilya ang kanyang hatol laban sa hari. Gayundin naman, dahil sa kanyang pagsunod sa mga kasalanan ni Jeroboam, nilipol din niya ang buong angkan nito.

**Ang Paghahari ni Ela**

8Naging hari ng Israel si Ela na anak ni Baasa noong ika-26 na taon ng paghahari ni Asa sa Juda. Dalawang taon siyang naghari at sa Tirza nanirahan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Pinagtaksilan siya ni Zimri na pinuno ng kalahati ng hukbong gumagamit ng karwahe. Samantalang lasing si Ela sa bahay ni Arsa na tagapamahala ng palasyo sa Tirza,

10pumasok si Zimri sa palasyo at pinatay si Ela at siya ang pumalit na hari. Nangyari ito noong ika-27 taon ng paghahari ni Asa sa Juda.

11Simula pa lamang ng paghahari ni Zimri, pinatay na niyang lahat ang buong pamilya ni Baasa. Ipinapatay niya ang lahat ng lalaking kamag-anak at mga kaibigan ni Baasa.

12Nilipol nga niya ang buong angkan ni Baasa ayon sa sinabi ni Yahweh sa pamamagitan ng propetang si Jehu.

13Nagalit si Yahweh, ang Diyos ng Israel, kina Baasa at Ela sapagkat ibinunsod nila ang Israel sa pagkakasala at pagsamba sa mga diyus-diyosan.

14Ang iba pang ginawa ni Haring Ela ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel.*

### Ang Paghahari ni Zimri

15Naging hari naman ng Israel si Zimri noong ika-27 taon ng paghahari ni Asa sa Juda. Naghari siya sa Tirza sa loob lamang ng pitong araw. Pinalibutan at nilusob noon ng hukbong Israel ang lunsod ng Gibeton sa Filistia at nang

16mabalitaan nila ang pagtataksil ni Zimri at ang pagkamatay ng hari, pinagkaisahan nilang gawing hari si Omri, ang pinuno ng hukbo.

17Iniwan nga nila ang Gibeton, at kinubkob ang Tirza.

18Nang makita ni Zimri na mahuhulog na ang bayan sa kamay ng kalaban, nagkulong siya sa kastilyo ng palasyo at sinindihan iyon. Kaya't kasama siyang nasunog doon.

19Nangyari ito sapagkat hindi rin kinalugdan ni Yahweh ang mga ginawa ni Zimri. Ibinunsod niya ang Israel sa pagkakasala tulad ng ginawa ni Jeroboam.

20Ang iba pang ginawa ni Zimri, pati ang kanyang pakikipagsabwatan upang agawin ang trono, ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel.*

### Ang Paghahari ni Omri

21Pagkamatay ni Zimri, nahati ang Israel sa dalawang pangkat. Pumanig ang isa kay Omri, ngunit si Tibni na anak ni Ginat ang pinili ng ikalawa.

22Ngunit nagtagumpay din ang pangkat ni Omri. Napatay si Tibni, at si Omri ang naging hari.

23Si Omri ay naging hari ng Israel noong ika-31 taon ng paghahari ni Asa sa Juda at labindalawang taon siyang naghari. Tumira siya sa Tirza sa loob ng anim na taon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Pagkatapos, binili niya kay Semer ang isang bundok sa halagang pitumpung kilong pilak. Nagtayo siya roon ng isang lunsod na tinawag niyang Samaria, hango sa salitang Semer, pangalan ng binilhan niya ng bundok.

25Ginawa rin ni Omri ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh. Naging masahol pa nga siya sa mga nauna sa kanya.

26Tumulad siya kay Jeroboam na anak ni Nebat. Ibinunsod din niya ang mga Israelita sa pagsamba sa mga diyus-diyosan, kaya't nagalit sa kanila si Yahweh.

27Ang iba pang ginawa ni Omri at ang kanyang katapangan ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel.*

28Namatay si Omri at inilibing sa Samaria. Humalili sa kanya bilang hari ang anak niyang si Ahab.

### Si Haring Ahab ng Israel

29Nagsimulang maghari sa Israel si Ahab na anak ni Omri noong ika-38 taon ng paghahari ni Asa sa Juda. Sa Samaria siya nanirahan, at naghari sa loob ng dalawampu't dalawang taon.

30Higit sa lahat ng nauna sa kanya ang kasamaang ginawa niya sa paningin ni Yahweh.

31Hindi pa siya nasiyahang ipagpatuloy ang ginawa ni Jeroboam. Pinakasalan din niya si Jezebel na anak ni Et-baal, hari ng Sidon. At mula noon, naglingkod siya at sumamba kay Baal.

32Nagpatayo siya ng templo para kay Baal sa Samaria. Nagpagawa siya ng altar at ipinasok doon

33ang ginawa niyang rebulto ni Ashera. Ang mga pagkakasalang ginawa niya'y higit na masama sa ginawa ng mga haring nauna sa kanya.

34Sa panahon niya, muling itinayo ni Hiel na taga-Bethel ang lunsod ng Jerico. Ngunit nang ilagay ang pundasyon nito, buhay ng panganay niyang si Abiram ang kanyang ibinuwis. At nang itayo ang pintuan, buhay naman ng kanyang bunsong si Segub ang naging kabayaran. Sa ganon, natupad ang sinabi ni Yahweh sa pamamagitan ni Josue na anak ni Nun.

## 1 Mga Hari 17

### Sinugo ng Diyos si Propeta Elias

1Si Elias ay isang propetang taga-Tisbe sa Gilead. Sinabi niya kay Ahab, “Saksi si Yahweh, ang buháy na Diyos ng Israel na aking pinaglilingkuran, hindi uulan, ni hindi magkakahamog sa mga darating na taon hangga't hindi ko sinasabi.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Pagkatapos, sinabi ni Yahweh kay Elias,

3"Umalis ka rito at magtago ka sa batis ng Carit, sa silangan ng Jordan.

4Maiinom mo ang tubig sa batis at may inutusan akong mga uwak na maghahatid sa iyo ng pagkain."

5Sinunod nga ni Elias ang sinabi ni Yahweh. Lumakad siya at nanirahan sa may batis ng Carit, sa silangan ng Jordan.

6Umaga't hapon, may mga uwak na nagdadala sa kanya ng pagkain, at sa batis naman siya umiinom.

7Ngunit dumating ang panahon na natuyo na rin ang batis.

**Pinapunta si Elias sa Sarepta**

8Kaya sinabi sa kanya ni Yahweh,

9"Umalis ka rito. Pumunta ka sa Sarepta, sa lupain ng Sidon. May inutusan akong isang biyuda na magpapakain sa iyo roon."

10Pumunta nga siya roon, at nang papasok na siya ng pintuan ng lunsod, nakita niya ang biyuda na namumulot ng panggatong. Sinabi niya sa babae, "Maaari po bang makiinom?"

11Aalis na ang babae upang ikuha siya ng tubig nang pahabol niyang sabihin, "Kung maaari, bigyan mo na rin ako ng kapirasong tinapay."

12Sumagot ang babae, "Saksi si Yahweh, ang inyong buháy na Diyos na wala na kaming tinapay. Mayroon pa kaming kaunting harina at ilang patak na langis. Namumulot nga ako ng panggatong upang lutuin iyon at makakain man lamang kami ng anak ko bago kami mamatay."

13Sinabi sa kanya ni Elias, "Huwag kang mag-alala. Pumunta ka na at gawin mo ang iyong sinabi. Ngunit ipagluto mo muna ako ng isang maliit na tinapay, at pagkatapos magluto ka ng para sa inyo.

14Sapagkat ganito ang sabi ni Yahweh, Diyos ng Israel: Hindi ninyo mauubos ang harina sa lalagyan, at hindi rin matutuyo ang langis sa tapayan hanggang hindi sumasapit ang takdang araw na papatakin na ni Yahweh ang ulan."

15Ginawa nga ng babae ang utos ni Elias at hindi naubos ang pagkain ni Elias at ng mag-ina sa loob ng maraming araw.

16Hindi nga naubos ang harina sa lalagyan, at hindi rin natuyo ang langis sa sisidlan, tulad ng sinabi ni Yahweh sa pamamagitan ni Elias.

**Binuhay ni Elias ang Anak ng Biyuda**

17Hindi nagtagal at nagkasakit ang anak ng biyuda. Lumubha ang sakit ng bata hanggang sa ito'y mamatay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Kaya't sinabi ng babae kay Elias, “Anong ikinagagalit ninyo sa akin, lingkod ng Diyos? Naparito ba kayo upang ako'y sumbatan sa aking mga kasalanan at patayin ang aking anak?”

19“Akin na ang bata,” sabi ni Elias. At kinuha niya ang bata, ipinanhik sa itaas, sa silid na kanyang tinutuluyan. Inilagay niya ang bata sa kanyang higaan

20at nanalangin, “Yahweh, aking Diyos, ito ba ang inyong igaganti sa babaing nagmagandang-loob sa akin?”

21Tatlong beses siyang dumapa sa bata at nanalangin ng ganito: “Yahweh, aking Diyos, hinihiling ko pong muli ninyong buhayin ang batang ito.”

22Dininig ni Yahweh ang dalangin ni Elias at muling nabuhay ang bata.

23Inakay ni Elias ang bata, at ibinalik sa kanyang ina saka sinabing, “Narito ang anak mo, buháy na siya.”

24At sumagot ang babae, “Tiyak ko na ngayon na kayo nga ay isang lingkod ng Diyos, at nagsasalita si Yahweh sa pamamagitan ninyo.”

## 1 Mga Hari 18

### Si Elias at ang mga Propeta ni Baal

1Pagkalipas ng ilang panahon, nang ikatlong taon na ng tagtuyot, sinabi ni Yahweh kay Elias, “Pumunta ka na kay Ahab. Malapit na akong magpadala ng ulan sa lupaing ito.”

2At nagpunta nga si Elias kay Ahab. Napakatindi noon ng taggutom sa Samaria,

3kaya ipinatawag ni Ahab si Obadias, ang tagapangasiwa ng palasyo. Si Obadias ay may takot kay Yahweh.

4Nang kasalukuyang ipinapapatay ni Jezebel ang mga propeta ni Yahweh, nailigtas ni Obadias ang sandaan sa mga ito. Itinago niya ang mga ito sa isang yungib, tiglilimampu ang bawat pangkat, at binigyan niya ng pagkain at tubig.

5Sinabi ni Ahab kay Obadias, “Tayo na! Galugarin natin ang buong lupain at tingnan ang bawat ilog at libis. Baka makakita tayo roon ng sapat na damo upang huwag mamatay sa gutom ang ating mga kabayo, mola at baka.”

6Naghiwalay sila sa paghahanap ng pagkain sa buong kaharian: si Ahab sa isang panig at si Obadias naman sa kabila.

7Sa paglalakbay ni Obadias, nakasalubong niya si Elias. Nakilala niya ang propeta, kaya't nagpatirapa siya at sinabi, “Kayo nga ba iyan, mahal na propetang Elias?”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8“Ako nga,” sagot naman nito. “Pumunta ka sa iyong panginoong si Ahab at sabihin mong narito ako.”

9Ganito naman ang sagot ni Obadias: “Ano pong kasalanan ang nagawa ko sa inyo at gusto ninyo akong mapatay ni Ahab?

10Saksi si Yahweh, ang inyong buháy na Diyos, hinahanap kayo ni Haring Ahab sa bawat bansa sa daigdig. At kapag may nagsabing wala kayo roon, ayaw niyang maniwala hangga't hindi sila nanunumpa na kayo'y talagang hindi nila nakita.

11At ngayo'y pinapapunta ninyo ako sa kanya para sabihing narito kayo?

12Ano ngayon ang mangyayari? Sa sandaling ako'y umalis upang sabihin kay Ahab na narito kayo ay dadalhin naman kayo ng Espiritu ni Yahweh sa lugar na hindi ko alam. At kapag hindi nila kayo nakita, ako ang kanyang papatayin. Maawa kayo sa akin, sapagkat ako po naman ay may takot kay Yahweh mula pa sa pagkabata.

13Hindi po ba ninyo nababalitaan na may sandaang propeta ni Yahweh ang aking iniligtas noong sila'y gustong patayin ni Jezebel? Itinago ko sila sa isang yungib, tiglilimampu bawat pangkat, at dinalhan ko sila roon ng pagkain at tubig.

14At ngayon, pinapapunta ninyo ako kay Ahab upang sabihing narito kayo? Tiyak na papatayin niya ako.”

15Ngunit sinabi sa kanya ni Elias: “Saksi si Yahweh, ang buháy na Makapangyarihan sa lahat, haharap ako kay Ahab sa araw na ito.”

16Hinanap nga ni Obadias si Ahab at sinabi ang lahat ng ipinapasabi ni Elias. At lumakad si Ahab upang salubungin ang propeta.

17Nang makita ni Ahab si Elias ay sinabi nito, “Ikaw nga ba iyan, ang nanggugulo sa Israel?”

18“Hindi ako ang nanggugulo sa Israel, kundi kayo at ang angkan ng inyong ama. Sapagkat sinusuway ninyo ang mga utos ni Yahweh at ang pinaglilingkuran ninyo'y ang mga imahen ni Baal.

19Ngayo'y tipunin ninyo ang buong Israel at ang 450 propeta ni Baal at 400 propeta ni Ashera na pinapakain ni Jezebel, at magtutuos kami sa Bundok ng Carmel,” sagot ni Elias.

20Tinipon nga ni Ahab sa Bundok ng Carmel ang buong bayang Israel at ang mga propeta ni Baal.

21Lumapit si Elias at sinabi sa taong-bayan, “Hanggang kailan pa kayo mag-aalinlangan? Kung si Yahweh ang tunay na Diyos, siya ang sundin ninyo; at kung si Baal naman, kay Baal kayo maglingkod.” Hindi umimik ang bayan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

22Muling nagsalita si Elias, "Ako na lang ang natitira sa mga propeta ni Yahweh, samantalang may apatnaraan at limampu ang mga propeta ni Baal.

23Magdala kayo rito ng dalawang toro. Hayaan ninyong ang isa sa mga ito ay patayin ng mga propeta ni Baal, at pagkatapos ay katayin at ilagay sa ibabaw ng mga kahoy. Huwag ninyong sisindihan. Gayundin naman ang gagawin ko sa isa pang toro.

24Pagkatapos, tawagin ninyo ang inyong diyos at tatawagin ko naman si Yahweh. Ang diyos na tumugon sa pamamagitan ng apoy, ang siyang tunay na Diyos." At sumagot ang bayan, "Sang-ayon kami!"

25Sinabi naman ni Elias sa mga propeta ni Baal, "Sapagkat kayo ang marami, pumili na kayo ng isang toro at ihanda na ninyo. Pagkatapos, tawagin ninyo ang inyong diyos, ngunit huwag ninyong sisindihan ang kahoy."

26Kinuha nga nila ang isa sa mga toro at inihanda ito. Mula umaga hanggang tanghali, tinawagan nila si Baal. "Baal, Baal, pakinggan mo kami," sigaw nila, samantalang pasayaw-sayaw sa paligid ng altar na itinayo nila. Ngunit walang sumasagot.

27Nang katanghalian na'y hinamak na sila ni Elias. Sabi niya, "Lakasan pa ninyo! Isa siyang diyos, di ba? Baka nagbubulay-bulay pa siya, o kaya'y nasa palikuran! O baka naman may pinuntahan lang. O baka natutulog kaya't kailangang gisingin!"

28Lalo nga nilang inilakas ang kanilang sigaw. Hiniwaan pa nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng kutsilyo at punyal tulad ng kanilang kaugalian hanggang sa maging duguan sila.

29Patuloy silang nagsigawan at nag-ungulan hanggang inabot sila ng hapon ngunit wala pa ring tinig o anumang sagot.

30Nagsalita si Elias sa buong bayan, "Lumapit kayo sa akin." At nagsilapit ang lahat. Inayos niya ang altar ni Yahweh na matagal nang gumuho.

31Kumuha siya ng labindalawang bato, katumbas ng bilang ng mga lipi ni Jacob na binigyan ni Yahweh ng pangalang Israel.

32Ang mga bato'y ginawa niyang altar para kay Yahweh. Pinaligiran niya iyon ng isang kanal na maaaring maglaman ng dalawang baldeng tubig.

33Isinalansan niya ang mga kahoy, kinatay ang toro at ipinatong sa kahoy. Pagkatapos, sinabi niya, "Kumuha kayo ng apat na bangang tubig at ibuhos sa handog at sa kahoy." Ganoon nga ang ginawa nila.

34"Buhusan pa ninyo," sabi ni Elias. At binuhusan nila. "Isa pang buhos," utos uli ni Elias. Tatlong beses nga nilang binuhusan ang handog hanggang sa

35umagos ang tubig sa paligid ng altar at umapaw sa kanal.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

36Nang ikatlo na ng hapon na siyang oras ng paghahandog, tumayo si Elias sa harap ng altar at nanalangin, "Yahweh, Diyos nina Abraham, Isaac at Jacob, patunayan po ninyo ngayon na talagang kayo ang Diyos ng Israel, at ako ay inyong lingkod, at ginawa ko ang lahat ng ito sapagkat ito ang inyong utos.

37Pakinggan po ninyo ako, Yahweh, upang malaman ng bayang ito na kayo lang ang Diyos at nais ninyo silang magbalik-loob."

38Noon di'y nagpababa ng apoy si Yahweh at tinupok ang handog, ang kahoy at ang mga bato at lupa sa paligid. Pati ang tubig sa kanal ay natuyo.

39Nang makita ng mga tao ang nangyari, nagpatirapa sila at sumigaw, "Si Yahweh ang Diyos! Si Yahweh lang ang Diyos!"

40Iniutos ni Elias, "Hulihin ninyo ang mga propeta ni Baal; huwag ninyong hayaang may makatakas sa kanila!" Hinuli nga sila ng mga mamamayan at dinala ni Elias sa batis ng Kison, at pinagpapatay doon.

41Sinabi ni Elias kay Ahab, "Lumakad ka na! Maaari ka nang kumain at uminom. Naririnig ko na ang pagbuhos ng ulan."

42Samantalang si Ahab ay kumakain at umiinom, umakyat si Elias sa taluktok ng Bundok Carmel at sumubsob sa lupa.

43Sinabi niya sa kanyang utusan, "Umakyat ka at tanawin mo ang dagat." Umakyat nga ang utusan at tumanaw sa dagat. "Wala po akong makitang anuman," wika ng utusan. "Pitong beses mo pang gawin ang sinabi ko," utos ni Elias.

44Sa ikapitong pagtanaw, napasigaw ang utusan, "May nakikita po akong ulap kasinlaki ng palad na tumataas mula sa dagat." "Magmadali ka!" sabi ni Elias. "Sabihin mo kay Ahab na ihanda ang kanyang karwahe at umuwi na agad. Baka siya'y hindi makaalis dahil sa ulan."

45Hindi nagtagal at nagdilim ang langit sa kapal ng ulap, lumakas ang hangin at biglang bumuhos ang malakas na ulan. Sumakay si Ahab sa karwahe at nagmamadaling nagtungo sa Jezreel.

46Lumukob kay Elias ang kapangyarihan ni Yahweh. Hinigpitan ni Elias ang pagkatali sa kanyang damit at tumakbo sa unahan ng karwahe ni Ahab hanggang sa pagpasok sa Jezreel.

## 1 Mga Hari 19

### Nagpunta si Elias sa Sinai

1Sinabi ni Haring Ahab sa kanyang asawang si Jezebel ang lahat ng ginawa ni Elias at kung paano pinatay ni Elias ang lahat ng mga propeta ni Baal.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2 Kaya't nagpadala si Jezebel ng isang sugo upang sabihin kay Elias, “Patayin sana ako ng mga diyos kung hindi ko gagawin sa iyo sa ganito ring oras ang ginawa mo sa mga propeta.”

3 Natakot si Elias na mamatay, kaya't umalis siya at nagpunta sa Beer-seba, sa lupain ng Juda, kasama ang kanyang utusan. Iniwan niya roon ang kanyang utusan

4 at mag-isang pumunta sa ilang. Pagkatapos ng maghapong paglalakad ay naupo siya sa lilim ng isang puno at nanalangin nang ganito: “Yahweh, kunin na po ninyo ako. Ako po'y hirap na hirap na. Mabuti pa pong mamatay na ako.”

5 Pagkatapos, nahiga siya at nakatulog. Ngunit dumating ang isang anghel, kinalabit siya nito at ang sabi, “Gising na at kumain ka!”

6 Nang siya'y lumingon, nakita niya sa may ulunan ang isang tinapay na niluto sa ibabaw ng mainit na bato, at tubig sa isang lalagyan. Kumain nga siya at uminom. Pagkatapos ay nahiga muli.

7 Ngunit bumalik ang anghel ni Yahweh, ginising siya muli at sinabi, “Bumangon ka at kumain. Napakahaba pa ng lalakarin mo.”

8 Kumain nga siyang muli at uminom. At ang pagkaing iyo'y nagbigay sa kanya ng sapat na lakas upang maglakbay ng apatnapung araw at apatnapung gabi hanggang sa Sinai, ang Bundok ng Diyos.

**Kinausap ni Yahweh si Elias**

9 Pumasok siya sa isang yungib at doon nagpalipas ng gabi. Walang anu-ano'y nagsalita sa kanya si Yahweh, “Anong ginagawa mo rito, Elias?”

10 Sumagot si Elias, “Yahweh, Diyos na Makapangyarihan sa lahat, ikaw lang po ang pinaglingkuran ko sa tanang buhay ko. Subalit sinira po ng bayang Israel ang kanilang kasunduan sa inyo. Winasak nila ang inyong mga altar, at pinatay ang inyong mga propeta. Ako na lamang ang natitira, at pinaghahanap nila ako upang patayin din.”

11 Ganito ang sagot sa kanya: “Lumabas ka at tumayo sa ibabaw ng bundok sa harapan ko.” Pagkasabi nito'y dumaan si Yahweh at umihip ang napakalakas na hangin. Sumabog ang bundok at nagkadurug-durog ang mga bato sa lakas ng hangin ngunit wala sa hangin si Yahweh. Nang tumigil ang hangin ay lumindol, ngunit wala sa lindol si Yahweh.

12 Pagkalipas ng lindol ay kumidlat, ngunit wala rin sa kidlat si Yahweh. Pagkalipas ng kidlat, narinig niya ang isang banayad na tinig.

13 Lumabas si Elias, tinakpan ng balabal ang kanyang mukha at naghintay sa bunganga ng kuweba. Narinig niya ang isang tinig na nagsabi, “Elias, anong ginagawa mo rito?”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

14Sumagot siya, “Yahweh, Diyos na Makapangyarihan sa lahat, ikaw lamang po ang pinaglingkuran ko sa tanang buhay ko. Subalit sinira po ng bayang Israel ang kanilang kasunduan sa iyo. Winasak nila ang inyong mga altar, at pinatay ang inyong mga propeta. Ako na lamang ang natitira, at pinaghahanap nila ako upang patayin din.”

15Sinabi sa kanya ni Yahweh, “Bumalik ka sa ilang na malapit sa Damasco. Pagkatapos, pumasok ka sa lunsod at buhusan mo ng langis si Hazael bilang hari ng Siria;

16at si Jehu na anak ni Nimsi bilang hari naman ng Israel. Buhusan mo rin ng langis si Eliseo na anak ni Safat na taga-Abel-mehola bilang propeta na hahalili sa iyo.

17Ang makaligtas sa tabak ni Hazael ay papatayin ni Jehu. Ang makaligtas naman sa tabak ni Jehu ay papatayin ni Eliseo.

18Ngunit pitong libo sa Israel ang ililigtas ko, ang mga taong hindi lumuluhod kay Baal at hindi humahalik sa kanyang imahen.”

### Ang Paghirang kay Eliseo

19Umalis si Elias at natagpuan niya si Eliseo na nag-aararo. Labindalawang pares ng toro ang ginagamit niya, at kaagapay siya ng huling pares. Pagdaan ni Elias sa tapat ni Eliseo, inalis ni Elias ang kanyang balabal at ibinalabal kay Eliseo.

20Iniwan naman ni Eliseo ang mga toro, humabol kay Elias at nakiusap, “Magpapaalam po muna ako sa aking ama't ina, at pagkatapos ay sasama na ako sa inyo.” Sumagot naman si Elias, “Sige, umuwi ka muna.”

21Umuwi nga si Eliseo. Nagpatay siya ng isang pares na toro at iniluto. Ginamit niyang panggatong ang mga pamatok at mga araro. Ipinakain niya ito sa mga tao, at sumunod kay Elias at naging lingkod nito.

## 1 Mga Hari 20

### Kinubkob ang Samaria

1Tinipon ni Ben-hadad, hari ng Siria, ang kanyang hukbo upang salakayin ang Samaria. Kasama sa hukbong ito ang tatlumpu't dalawang haring sakop niya, at ang kanilang mga kabayo at karwaheng pandigma.

2Nagpadala siya ng mga sugo kay Ahab, hari ng Israel, at ipinasabi ang ganito: “Ipinag-uutos ni Ben-hadad

3na ibigay mo sa kanya ang iyong ginto't pilak; ang inyong mga babae at ang pinakamalalakas na mga anak!”

4Sumagot ang hari ng Israel, “Masusunod po ang sabi ninyo, mahal kong hari at panginoon. Ako at ang lahat ng sa akin ay ituring mong sa iyo.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Ngunit bumalik kay Ahab ang mga sugo at ganito naman ang sabi: "Ipinapasabi ni Ben-hadad na ibigay mo sa kanya ang iyong ginto at pilak, pati ang iyong mga asawa at anak.

6Tandaan mo, bukas sa ganitong oras, darating ang kanyang mga tauhan upang halughugin ang iyong palasyo, at ang mga bahay ng mga tauhan mo. Kukunin nila ang kanilang magustuhan."

7Tinipon ng hari ng Israel ang lahat ng matatandang pinuno sa kaharian at sinabi, "Tingnan ninyo! Maliwanag na gusto tayong lipulin ng taong iyan. Pumayag na nga akong ibigay sa kanya ang lahat ng aking ginto't pilak, pati ang aking mga asawa at mga anak."

8Sumagot ang matatandang pinuno at ang buong bayan, "Huwag ninyo siyang pansinin. Huwag po kayong papayag."

9Kaya't ganito ang sagot ni Ahab sa mga sugo ni Ben-hadad: "Sabihin ninyo sa mahal na hari, lahat ng iniutos ninyo noong una sa inyong alipin ay gagawin ko. Ngunit itong huli ay hindi ko magagawa." At umalis ang mga sugo, dala ang ganoong sagot.

10Nagpasabi muli si Ben-hadad, "Magpapadala ako ng mga tauhang wawasak sa lunsod mong ito, at tatangayin nila ang mga nasira nilang bagay. Parusahan sana ako ng mga diyos kung hindi ko ito gagawin!"

11Sumagot ang hari ng Israel, "Sabihin mo kay Haring Ben-hadad na ang tunay na sundalo ay hindi nagyayabang hangga't hindi pa natatapos ang labanan.

12Nasa kanyang tolda noon si Ben-hadad at nakikipag-inuman sa mga haring kasama niya. Pagkarinig sa sagot na iyon ay sumigaw si Ahab, "Salakayin! Salakayin ang kaaway!" At humanda ang bawat isa sa pakikipaglaban.

**Nagtagumpay ang Israel**

13Samantala, dumating noon ang isang propeta at sinabi kay Haring Ahab ng Israel, "Ipinapasabi ni Yahweh na huwag kang matakot sa napakalaking hukbong iyan. Sa araw na ito ay pagtatagumpayin kita laban sa kanila at malalaman mong ako nga si Yahweh."

14"Sino ang sasalakay?" tanong ni Ahab. Sumagot ang propeta, "Ang mga kabataang kawal na nasa ilalim ng mga pinuno ng mga lalawigan." "At sino ang mamumuno sa labanan?" tanong uli ni Ahab. "Kayo!" tugon ng propeta.

15Tinipon nga ni Ahab ang mga kabataang kawal ng mga pinuno ng mga lalawigan, may 232 lahat-lahat. Pagkatapos, tinipon din niya ang hukbo ng Israel na may pitong libong kalalakihan.

16Pagdating ng tanghaling-tapat, samantalang si Ben-hadad at ang tatlumpu't dalawang hari na kasama niya'y nag-iinuman sa kanilang tolda,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Iumusob ang mga Israelita sa pangunguna ng mga kabataang kawal. May
nagsabi kay Ben-hadad, “May lumalabas pong mga lalaki mula sa Samaria.”

18At sumagot siya, “Hulihin sila nang buháy, anuman ang kanilang pakay,
kapayapaan man o labanan!”

19Sumalakay nga mula sa lunsod ang mga kabataang kawal, kasunod ang
buong hukbo ng Israel.

20Sa unang sagupaan ay napatay ng bawat isa ang kanyang kalaban, kaya't
nagtakbuhan ang mga taga-Siria. Hinabol naman sila ng mga Israelita, ngunit
nakatakas si Ben-hadad kasama ng ilang kawal na nakakabayo.

21Lumabas naman si Haring Ahab at sumama sa paghabol sa mga taga-Siria.
Pinuksa nila ang mga ito, at napakaraming kabayo at karwahe ang kanilang
nasamsam.

**Panibagong Pagsalakay ng mga Taga-Siria**

22Matapos ang labanang iyon, sinabihan muli ng propeta ang hari ng Israel.
Wika niya, “Magdagdag pa kayo ng tauhan at ihanda ninyong mabuti ang
inyong hukbo. Planuhin ninyong mabuti ang dapat gawin, sapagkat sa
susunod na tagsibol ay muling sasalakay ang hari ng Siria.”

23Pinayuhan din ng kanyang mga opisyal ang hari ng Siria, at kanilang sinabi,
“Mga diyos ng kabundukan ang kanilang diyos, kaya tayo natalo. Ngunit
labanan natin sila sa kapatagan at tiyak na matatalo sila.

24Ganito po ang inyong gawin: alisin ninyo sa kanilang tungkulin sa hukbo
ang mga haring kasama ninyo, at palitan ninyo ng mga pinunong-kawal.

25Bumuo kayo ng isang hukbong sinlaki ng dati, na may gayunding dami ng
kabayo at karwahe. Sa kapatagan natin sila labanan at ngayo'y tiyak na
magtatagumpay tayo.” Nakinig ang hari sa kanilang payo at ganoon nga ang
ginawa.

**Tagumpay sa Afec**

26Pagsapit ng tagsibol, tinipon ni Ben-hadad ang hukbo ng Siria at nagtungo
sa Afec upang lusubin ang Israel.

27Nagtipun-tipon din naman ang mga Israelita at naghanda upang salubungin
ang kalaban. Nagdalawang pangkat sila, at nagtayo ng kampo sa tapat ng
mga iyon. Parang dalawang kawan lang ng kambing ang hukbo ng Israel,
samantalang halos matakluban ng hukbo ng Siria ang pook na iyon.

28Lumapit muli sa hari ng Israel ang lingkod ng Diyos at sinabi sa kanya, “Ito
ang ipinapasabi ni Yahweh: ‘Sapagkat sinabi ng mga taga-Siria na ako ay
Diyos ng kabundukan at hindi Diyos ng kapatagan, ipapalupig ko sa iyo ang
hukbong iyan sa kabila ng kanilang dami at lakas. Makikita ninyo ngayon na
ako nga si Yahweh.’”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29Pitong araw silang nagmanman sa isa't isa. Nagsimula ang labanan sa ikapitong araw, at sa araw na iyon sandaang libong kawal ang napatay sa hukbo ng Siria. Tumakas ang natirang buháy at pumasok sa Lunsod ng Afec.

30Ngunit gumuho ang pader ng lunsod at 27,000 pa ang natabunan. Nakatakas muli si Ben-hadad at nagtago sa isang silid sa loob ng lunsod.

31Sa gayong kalagayan, nasabi ng isa niyang tauhan, “Balita po namin ay maawain ang mga hari ng Israel. Magsusuot po kami ng damit-panluksa at magtatali ng lubid sa aming leeg, at haharap sa hari ng Israel. Baka sakaling kaawaan kami at hindi na kayo ipapatay.”

32At ganoon nga ang ginawa nila. Humarap sila sa hari ng Israel at nagmakaawa. “Hinihiling po ng inyong aliping si Ben-hadad na huwag na ninyo siyang patayin.” “Buháy pa ba siya? Buháy pa ba ang kapatid kong hari?” tanong ng hari ng Israel.

33Sinamantala ng mga sugo ang gayong magandang pahiwatig kaya't agad sumagot, “Opo, buháy pa po siya! Buháy pa.” “Dalhin ninyo siya agad dito,” utos ni Ahab. Pagdating ni Ben-hadad, pinasakay siya ni Ahab sa kanyang karwahe.

34Sinabi noon ni Ben-hadad, “Isasauli ko sa inyo ang mga lunsod na inagaw ng aking ama sa inyong ama. Maaari kayong magtayo ng pamilihan sa Damasco, tulad ng itinayo ng aking ama sa Samaria.” Sumagot naman si Ahab, “Sa ganitong kondisyon, pinapalaya ko na kayo.” Nangyari nga ang kasunduan at pinalaya sila ni Ahab.

35Sa utos ni Yahweh, hiniling ng isang alagad ng mga propeta sa isa niyang kasamahan, “Sugatan mo ako.” Subalit tumanggi ito.

36Kaya sinabi niya, “Sapagkat hindi mo sinunod ang utos ni Yahweh, pag-alis mo rito'y papatayin ka ng leon.” Hindi pa nakakalayo ang sinabihan ay nakasalubong at napatay nga siya ng isang leon.

37Nakakita ng ibang kasamahan ang alagad ng mga propeta at ito naman ang kanyang pinakiusapan. “Sugatan mo ako,” wika niya, at ginawa naman ng pinakiusapan ang hinihiling sa kanya.

38Nagtuloy ang alagad ng mga propeta at saka naghintay sa daraanan ng hari matapos bendahan ang kanyang mga mata upang hindi siya makilala.

39Sumigaw siya pagdaan ng hari at ganito ang sinabi: “Kamahalan, nang ako po'y nasa labanan, lumapit po sa akin ang isang kawal at iniwan sa akin ang isang bihag. Ang sabi po niya, ‘Alagaan mo ang bihag na ito. Kapag siya'y nakatakas, buhay mo ang kapalit, o magmumulta ka ng 35 kilong pilak.’

40Nakalingat po ako at nakatakas ang bihag.” Sinabi sa kanya ng hari, “Ikaw na rin ang nagbigay ng iyong hatol. Mamamatay ka o magmumulta.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

41Nang marinig ito, bigla niyang inalis ang bendang nakatakip sa mga mata at nakilala ng hari na siya pala'y isang alagad ng mga propeta.

42At sinabi niya sa hari, “Ito ang ipinapasabi ni Yahweh, ‘Sapagkat pinakawalan mo ang isang taong ayon sa utos ko'y dapat mamatay, buhay mo ang kapalit ng kanyang buhay, at bayan mo ang kapalit ng kanyang bayan.’”

43Bumalik sa Samaria ang hari na nababahala at masama ang loob.

## 1 Mga Hari 21

### Ang Ubasan ni Nabot

1Malapit sa palasyo ni Haring Ahab sa Jezreel, sa Samaria, ay may isang ubasan na pag-aari ni Nabot.

2Isang araw, sinabi ni Ahab kay Nabot, “Ibigay mo sa akin ang iyong ubasan. Gagawin kong taniman ng gulay sapagkat malapit ito sa aking palasyo. Papalitan ko ito ng mas mainam na ubasan, o kung gusto mo naman babayaran ko na lang ito sa tamang halaga.”

3Ngunit ganito ang naging sagot ni Nabot: “Minana ko pa po sa aking mga ninuno ang ubasang ito. Hindi papayagan ni Yahweh na ibigay ko ito sa inyo.”

4Umuwi si Ahab na malungkot at masama ang loob dahil sa sagot ni Nabot. Nagkulong siya sa kanyang silid, hindi makausap at ayaw kumain.

5Nilapitan siya ng asawa niyang si Jezebel at tinanong, “Ano bang problema mo at hindi ka makakain?”

6Sumagot ang hari, “Kinausap ko si Nabot na taga-Jezreel, at inalok ko siyang papalitan o babayaran ang kanyang ubasan. Ngunit tinanggihan ako, at ang sabi'y hindi raw niya maaaring ibigay sa akin ang kanyang ubasan.”

7Sagot sa kanya ni Jezebel, “Para ka namang hindi hari ng Israel. Halika na! Kumain ka at huwag ka nang malungkot! Ibibigay ko sa iyo ang ubasan ni Nabot.”

8Gumawa ang reyna ng ilang sulat sa ngalan ng hari, tinatakan ng pantatak ng hari, at ipinadala sa mga matatandang pinuno at pangunahing mamamayan sa lunsod na tinitirhan ni Nabot.

9Ganito ang sabi niya sa sulat: “Magpahayag kayo ng isang araw ng pag-aayuno. Tipunin ninyo ang mga tao at parangalan ninyo si Nabot.

10Kumuha kayo ng dalawang sinungaling na saksi na maghaharap ng ganitong sumbong laban sa kanya: ‘Nilapastangan niya ang Diyos at ang hari.’ Pagkatapos, dalhin ninyo siya sa labas ng lunsod at batuhin hanggang mamatay.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Tinupad ng matatandang pinuno at ng mga opisyal ng lunsod ang utos ni Jezebel.

12Nagpahayag sila ng isang araw na pangkalahatang pag-aayuno. Tinipon nila ang mga tao at pinarangalan si Nabot.

13Lumabas ang dalawang bayarang saksi at siya'y pinaratangan ng ganito: “Nilapastangan ni Nabot ang Diyos at ang hari.” Kaya't si Nabot ay inilabas sa lunsod at binato hanggang mamatay.

14Nagpasabi naman agad sila kay Jezebel, “Patay na po si Nabot na taga-Jezreel.”

15Pagkatanggap ng ganoong balita, nagpunta si Jezebel kay Ahab at sinabi, “Hayan! Kunin mo na ang ubasang hindi mo mabili kay Nabot. Hindi na siya makakatutol. Patay na siya.”

16Nang malaman ni Ahab na patay na si Nabot, pumunta siya sa ubasan upang angkinin iyon.

17Sinabi ni Yahweh kay Elias na taga-Tisbe,

18“Puntahan mo agad si Haring Ahab sa Samaria. Makikita mo siya sa ubasan ni Nabot. Naroon siya upang kamkamin iyon.

19Sabihin mo sa kanya, ‘Pagkatapos mong paslangin ang tao ay kukunin mo pati ang kanyang ari-arian? Kung saan hinimod ng mga aso ang dugo ni Nabot, doon din hihimurin ng mga aso ang iyong dugo.’”

20Sinabi ni Ahab kay Elias, “Nakita mo na naman ako, aking kaaway.” Sagot naman sa kanya ni Elias, “Hinanap kita muli sapagkat nalulong ka na sa paggawa ng masama sa paningin ni Yahweh!

21Malagim na parusa ang babagsak sa iyo. Ganito ang ipinapasabi ni Yahweh: ‘Itatakwil kita! Lilipulin ko ang mga anak mong lalaki, matanda at bata.

22Paparusahan kita tulad ng ginawa ko sa angkan ni Jeroboam na anak ni Nebat, at sa angkan ni Baasa na anak ni Ahias sapagkat ginalit mo ako at hinimok mo ang Israel sa pagkakasala.’

23Ito naman ang pahayag laban kay Jezebel: “Si Jezebel ay lalapain ng mga aso sa loob mismo ng Jezreel.”

24Sinuman sa angkan ni Ahab ang mamatay sa bayan ay kakainin ng mga aso; sinumang mamatay sa bukid ay kakainin ng mga buwitre.”

25Dahil sa mga sulsol ni Jezebel, walang nakapantay sa mga kasamaang ginawa ni Ahab sa paningin ni Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[26]Ginawa niya ang mga mahahalay na kasalanan sa pamamagitan ng pagsamba niya sa mga diyus-diyosan, gaya ng mga Amoreo na pinalayas ni Yahweh noong pumasok ang bayang Israel sa lupaing iyon.

[27]Nang marinig ni Ahab ang mga sinabi ng propeta, pinunit niya ang kanyang damit, nagsuot ng damit-panluksa kahit sa pagtulog. Nag-ayuno siya bilang tanda ng malaking kalungkutan.

[28]Kaya't sinabi ni Yahweh kay Elias,

[29]“Napansin mo ba kung paano nagpapakumbaba sa harapan ko si Ahab? Sapagkat nagpapakumbaba siya, hindi ko itutuloy ang parusa sa kanya habang siya'y nabubuhay. Ngunit pagkamatay niya, paparusahan ko ang kanyang angkan.”

## 1 Mga Hari 22

### Binalaan si Ahab

(2 Cro. 18:2-27)

[1]Tatlong taon nang walang labanan ang Israel at ang Siria.

[2]Ngunit sa ikatlong taon ay dumalaw sa hari ng Israel si Jehoshafat na hari ng Juda.

[3]Nasabi na noon ng hari ng Israel sa kanyang mga pinuno, “Alam ninyo na ang Ramot-gilead ay atin. Ngunit wala tayong ginagawang hakbang upang mabawi iyon sa hari ng Siria.”

[4]Ngayon nama'y si Jehoshafat ang kanyang hinimok. Ang sabi niya, “Samahan mo naman kami sa paglusob sa Ramot-gilead.” Sumagot si Jehoshafat, “Kasama mo ako at ang aking mga tauhan, at ang aming mga kabayo at kasangkapan.

[5]Ngunit sumangguni muna tayo kay Yahweh.”

### Ang Hula ng mga Bulaang Propeta

[6]Tinipon nga ni Haring Ahab ng Israel ang kanyang mga propeta. May apatnaraan silang lahat at itinanong, “Dapat ko bang salakayin ang Ramot-gilead?” “Salakayin ninyo! Tutulungan kayo ni Yahweh at matatalo ninyo ang kaaway,” sagot ng mga propeta.

[7]Ngunit iginiit ni Jehoshafat, “Wala na bang ibang propeta ni Yahweh na maaari nating pagtanungan?”

[8]“Mayroon pang isa, si Micaya na anak ni Imla. Ngunit galit ako sa kanya, sapagkat lagi na lamang masama ang hula niya sa akin, wala nang mabuti,” sabi ni Ahab. “Huwag kang magsalita ng ganyan, kapatid kong hari!” tutol ni Jehoshafat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Ipinatawag ng hari ng Israel ang isa niyang opisyal at inutusan, “Dalhin ninyo
kaagad dito si Micaya na anak ni Imla.”

10Nasa isang giikan sa may pasukan ng Samaria ang hari ng Israel at si
Jehoshafat. Nakaupo silang dalawa sa kanya-kanyang trono at nakasuot ng
damit-hari. Samantala, nasa kanilang harapan ang mga propeta at sama-
samang nanghuhula.

11Naglagay ng mga sungay na bakal si Zedekias na anak ni Canaana,
tumayo at ganito ang sinabi kay Ahab, “Sa pamamagitan nito'y lilipulin ninyo
ang mga taga-Siria.”

12Ganoon din ang sinabi ng iba pang propeta. Sabi nila, “Mahal na hari,
salakayin po ninyo ang Ramot-gilead at matatalo ninyo sila. Magtatagumpay
kayo sa tulong ni Yahweh.”

**Ang Pahayag ni Micaya**

13Sinabi ng sugong pinapunta kay Micaya, “Iisa ang sinasabi ng lahat ng mga
propeta: magtatagumpay ang hari. Ganoon din ang sabihin mo!”

14Sumagot si Micaya, “Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, kung ano ang
sabihin niya sa akin, iyon din ang aking sasabihin.”

15Pagdating niya sa harapan ng hari, siya'y tinanong, “Micaya, sasalakayin
ba namin ang Ramot-gilead?” “Salakayin po ninyo at magwawagi kayo.
Magtatagumpay kayo sa tulong ni Yahweh.”

16Ngunit siya'y muling tinanong ng hari, “Ilang ulit ko bang sasabihin sa iyo
na pawang katotohanan lamang ang sasabihin mo sa pangalan ni Yahweh?”

17Kaya't sinabi ni Micaya, “Nakita kong nagkawatak-watak ang hukbo ng
Israel, nagkalat sa kabundukan parang tupang walang pastol! Narinig kong
sinabi ni Yahweh, ‘Sila'y walang tagapanguna kaya't pauwiin na silang
mapayapa.’”

18Kaya't sinabi ng hari ng Israel kay Jehoshafat, “Di ba't sinabi ko na sa iyo
na kailanma'y hindi niya ako binigyan ng mabuting pahayag, lagi na lang
masama.”

19Ngunit nagpatuloy si Micaya, “Pakinggan ninyo si Yahweh: Nakita ko si
Yahweh na nakaupo sa kanyang trono. Nasa kanyang harapan, sa kaliwa at
sa kanan, ang buong hukbo ng langit.

20Nagtanong siya, ‘Sino ang hihikayat kay Ahab na salakayin ang Ramot-
gilead?’ Kanya-kanyang sagot ang mga espiritu.

21Ngunit mayroong isang tumayo at nagsalita ng ganito: ‘Ako po ang hihikayat
kay Ahab.’ “‘Sa paanong paraan?’ tanong ni Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22"'Pupunta po ako roon at magiging espiritung sinungaling na magsasalita sa pamamagitan ng kanyang mga propeta,' sagot ng espiritu. "'Ikaw ang humikayat sa kanya at magtatagumpay ka,' sabi ni Yahweh."

23At patuloy ni Micaya, "Ngayon, nakikita mo kung paanong nagsalita ang espiritu ng kasinungalingan sa bibig ng iyong mga propeta. Ngunit si Yahweh ang nagtakda ng iyong kapahamakan."

24Nang marinig ito, lumapit si Zedekias at sinampal si Micaya. Sabi niya, "Kailan ka pa nagkaroon ng karapatang magsalita sa ngalan ng Espiritu ni Yahweh? At akala mo ba'y aalis siya sa akin?"

25Sumagot si Micaya, "Malalaman mo ang sagot diyan pagdating ng araw na magtatago ka sa isang silid."

26Ipinag-utos ng hari, "Ibalik siya kay Amon, ang gobernador ng lunsod, at kay Prinsipe Joas.

27Sabihin ninyo sa kanila na ibilanggo ang taong ito, at huwag pakainin kundi tinapay at tubig hanggang sa aking maluwalhating pagbabalik."

28Sinabi ni Micaya, "Kapag kayo'y nakabalik nang buháy, hindi nga si Yahweh ang nagsalita sa pamamagitan ko." Sinabi pa niya, "Tandaan ninyo ang lahat ng sinabi ko."

**Napatay si Ahab sa Ramot-gilead**

(2 Cro. 18:28-34)

29Pumunta nga sa Ramot-gilead si Ahab na hari ng Israel at si Jehoshafat na hari ng Juda.

30Sinabi ng hari ng Israel kay Jehoshafat, "Magbabalatkayo ako papunta sa labanan. Ngunit ikaw ay maaaring magpatuloy na nakadamit-hari." At nagbalatkayo nga ang hari ng Israel patungo sa labanan.

31Iniutos ng hari ng Siria sa mga pinuno ng mga kawal na sakay sa karwahe, "Huwag ninyong pag-abalahan ang kung sinu-sino lamang! Ang hari ng Israel ang inyong harapin."

32Kaya't nang makita nila si Jehoshafat, inakala nilang ito ang hari ng Israel at siyang hinabol. Ngunit pagsigaw niya ng kanyang sigaw pandigma,

33nakilala ng mga pinuno ng Siria na hindi siya ang hari ng Israel. At hindi na nila itinuloy ang paghabol.

34Subalit may isang kawal na basta na lamang pumana at natamaan ang hari ng Israel. Tumusok ang palaso sa pagitan ng pinagdugtungan ng baluti sa dibdib. Kaya't iniutos niya sa kawal na nagpapatakbo ng karwahe, "Ibuwelta mo ang karwahe! May tama ako. Umalis na tayo rito."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

35Mahigpit ang labanan nang araw na iyon at ang hari'y nanatiling nakatayo
sa kanyang karwahe sa tapat ng mga Cireo hanggang sa siya'y mamatay
nang lumulubog na ang araw. Dumanak ang dugo niya sa sahig ng karwahe.

36Paglubog ng araw, narinig ng buong hukbo ng Israel ang sigaw, “Tumakas
na kayo. Magsiuwi na kayong lahat!”

37Namatay nga ang hari at dinala nila ang bangkay sa Samaria upang doon
ilibing.

38Nang hugasan ang karwahe ng hari sa Batis ng Samaria, hinimod ng mga
aso ang kanyang dugo. Samantala, may mga babaing nagbebenta ng aliw
na naliligo sa batis, at naipaligo nila ang tubig na iyon. Sa ganoong paraan,
natupad ang sinabi ni Yahweh.

39Ang iba pang mga ginawa ni Ahab, pati ang tungkol sa ipinagawa niyang
palasyo na napapalamutian ng garing, at ang mga lunsod na kanyang itinayo
ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel*.

40Pagkamatay ni Ahab, humalili sa kanya bilang hari ang kanyang anak na si
Ahazias.

### Paghahari ni Jehoshafat sa Juda

(2 Cro. 20:31–21:1)

41Naging hari ng Juda si Jehoshafat na anak ni Asa noong ikaapat na taon
ng paghahari ni Ahab sa Israel.

42Tatlumpu't limang taóng gulang siya noong siya'y maupo sa trono ng Juda,
at naghari siya sa Jerusalem sa loob ng dalawampu't limang taon. Ang
kanyang ina ay si Ayuba na anak ni Silhi.

43Sumunod siya sa halimbawa ng kanyang amang si Asa; ginawa niya ang
mabuti sa paningin ni Yahweh. Subalit hindi niya ipinawasak ang mga lugar
ng sambahan ng mga pagano at nagpatuloy ang mga tao sa pag-aalay doon
at pagsusunog ng insenso.

44Nakipagkasundo rin si Jehoshafat sa hari ng Israel.

45Ang iba pang ginawa ni Jehoshafat, ang kanyang kagitingan, ang kanyang
mga pakikipaglaban, ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Juda*.

46Pinalayas niya ang mga lalaki at mga babaing nagbebenta ng
panandaliang-aliw sa mga sagradong lugar na natitira pa sa kaharian.
Nakaligtas ang mga ito noong panahon pa ni Asa na kanyang ama.

47Walang hari noon sa Edom; ang namamahala dito'y isang kinatawan ng
hari ng Juda.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

48 Nagpagawa si Jehoshafat ng mga malalaking barko upang maglayag patungo sa Ofir at mag-uwi ng ginto. Ngunit hindi nakaalis ang mga iyon sapagkat nawasak sa Ezion-geber.

49 Iminungkahi pa ni Ahazias kay Jehoshafat, “Pagsamahin natin ang ating mga tauhan sa paglalakbay ng ating mga barko.” Ngunit hindi pumayag si Jehoshafat.

50 Nang mamatay si Jehoshafat, inilibing siya sa libingan ng mga hari sa Lunsod ni David na kanyang ninuno. Humalili sa kanya si Jehoram bilang hari.

**Paghahari ni Ahazias sa Israel**

51 Nang ikalabimpitong taon ng paghahari ni Jehoshafat sa Juda, naghari naman sa Israel si Ahazias na anak ni Ahab. Dalawang taon siyang naghari.

52 Ginawa rin niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh. Sinundan niya ang masasamang halimbawa ng kanyang ama't ina, at ni Jeroboam na anak ni Nebat. Ibinunsod din niya ang Israel sa pagkakasala.

53 Naglingkod siya at sumamba kay Baal. Ginalit niya si Yahweh, ang Diyos ng Israel, tulad ng ginawa ng kanyang ama noong una.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 2 Mga Hari

## 2 Mga Hari 1

### Si Elias at si Haring Ahazias ng Israel

1Nang mamatay si Ahab, naghimagsik ang Moab laban sa Israel.

2Si Ahazias ay nahulog noon mula sa balkonahe sa bubungan ng palasyo niya sa Samaria at naging malubha ang kalagayan. Kaya nagpadala siya ng mga sugo sa Ekron upang isangguni sa diyos ng mga Filisteo na si Baalzebub kung gagaling pa siya o hindi.

3Ngunit sinabi ng anghel ni Yahweh kay Elias na taga-Tisbe, “Salubungin mo ang mga sugo ng hari ng Samaria at itanong mo kung wala nang Diyos ang Israel at kay Baalzebub na diyos ng Ekron na siya sasangguni.

4Sabihin mong hindi na siya gagaling sa kanyang sakit. Iyon na ang ikamamatay niya.” At lumakad nga si Elias.

5Nang magbalik ang mga inutusan ng hari, sila'y tinanong nito, “Bakit kayo bumalik?”

6Sinabi nila, “May nasalubong po kaming tao. Pinabalik niya kami at ipinapatanong sa inyo kung wala nang Diyos ang Israel kaya kay Baalzebub na diyos ng Ekron na kayo sasangguni? Hindi na raw kayo gagaling. Mamamatay na raw kayo sa sakit ninyong iyan.”

7“Ano ang hitsura ng taong nagsabi nito sa inyo?” tanong ng hari.

8“Mabalahibo po ang kanyang kasuotan at nakasinturon ng balat,” sagot nila. “Si Elias iyon na taga-Tisbe,” sabi ng hari.

9Ipinatawag ni Haring Ahazias ang isa niyang opisyal at ang limampung kawal nito upang dakpin si Elias. Natagpuan siya ng opisyal na nakaupo sa burol at sinabi nito, “Lingkod ng Diyos, ipinapatawag kayo ng hari.”

10Sumagot si Elias, “Kung ako nga'y lingkod ng Diyos, umulan sana ng apoy at sunugin ka, pati ang iyong limampung kawal.” Umulan nga ng apoy at nasunog ang opisyal at ang mga kawal nito.

11Nagsugo muli si Haring Ahazias ng ibang opisyal na may kasama ring limampung kawal. Ipinasabi niya kay Elias, “Lingkod ng Diyos, magmadali kayo, ipinapatawag kayo ng hari.”

12Ngunit sinabi ni Elias, “Kung ako nga'y lingkod ng Diyos, umulan sana ng apoy at sunugin ka, pati iyong limampung kawal.” Ang Diyos ay nagpaulan uli ng apoy at sinunog ang opisyal at ang mga kawal nito.

13Si Haring Ahazias ay nagpatawag uli ng isa pang opisyal at inutusan, kasama ng limampung kawal nito. Pagdating sa burol, lumuhod ang opisyal

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

sa paanan ni Elias at nagsumamo, “Lingkod ng Diyos, maawa po kayo sa akin at sa aking limampung tauhan. Kami po ay inyong lingkod. Huwag po ninyong itulot na mamatay kami.

14Alam ko pong tinupok ng apoy mula sa langit ang dalawang opisyal na nauna sa akin at ang kanilang mga kawal. Kaya nga po isinasamo ko sa inyo na hayaan ninyo kaming mabuhay.”

15Sinabi ng anghel ni Yahweh kay Elias, “Sumama ka sa kanya at huwag kang matakot.” Sumama nga siya papunta sa hari.

16Pagdating sa palasyo sinabi niya sa hari, “Ganito ang ipinapasabi ni Yahweh: ‘Sapagkat nagsugo ka ng mga tao upang sumangguni kay Baalzebub na diyos ng Ekron na para bang wala nang Diyos sa Israel, hindi ka na gagaling. Mamamatay ka.’”

17Namatay nga si Haring Ahazias ayon sa ipinasabi ni Yahweh kay Elias. Wala siyang anak kaya si Joram na kanyang kapatid ang humalili sa kanya bilang hari ng Israel. Noon naman ay dalawang taon nang hari sa Juda si Jehoram na anak ni Jehoshafat.

18Ang iba pang ginawa ni Haring Ahazias ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel.*

## 2 Mga Hari 2

### Dinala si Elias ng Karwaheng Apoy

1Dumating ang oras na si Elias ay kailangan nang kunin ni Yahweh sa pamamagitan ng ipu-ipo. Noon ay naglalakad sila ni Eliseo buhat sa Gilgal.

2Sinabi ni Elias, “Maiwan ka na rito at ako'y pinapapunta ni Yahweh sa Bethel.” Ngunit sinabi ni Eliseo, “Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, hanggang buháy ka, hindi ako hihiwalay sa iyo.” At magkasama silang pumunta sa Bethel.

3Sinalubong sila ng mga propeta roon at tinanong nila si Eliseo, “Alam mo bang ang panginoon mo'y kukunin na ngayon ni Yahweh?” “Alam ko, kaya huwag na kayong maingay,” sagot niya.

4Sinabi ni Elias, “Eliseo, maiwan ka na sana rito sapagkat pinapapunta ako ni Yahweh sa Jerico.” Ngunit sinabi niya, “Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, hanggang buháy ka, hindi ako hihiwalay sa iyo.” Kaya nagpunta silang dalawa sa Jerico.

5Pagdating doon, si Eliseo ay nilapitan ng pangkat ng mga propetang tagaroon at tinanong, “Alam mo bang ang panginoon mo'y kukunin na ngayon ni Yahweh?” “Alam ko. Huwag na kayong maingay,” sagot niya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Sinabi muli ni Elias kay Eliseo, “Maiwan ka na rito sapagkat pinapapunta ako ni Yahweh sa Jordan.” Ngunit sinabi niya, “Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, hanggang buháy ka, hindi ako hihiwalay sa iyo.” At nagpatuloy sila ng paglakad.

7Sinundan sila ng limampung propeta at sila'y tinanaw sa di-kalayuan nang sila'y tumigil sa tabi ng Ilog Jordan.

8Hinubad ni Elias ang kanyang balabal at inihampas sa tubig. Nahawi ang tubig at sila'y tumawid sa tuyong lupa.

9Pagkatawid nila, sinabi ni Elias, “Sabihin mo sa akin kung ano ang ibig mong gawin ko para sa iyo bago ako kunin.” Sumagot si Eliseo, “Kung maaari'y ipamana ninyo sa akin ang dalawang bahagi ng inyong kapangyarihan.”

10Sinabi ni Elias, “Mabigat ang hinihingi mo. Gayunman, kapag nakita mo akong kinuha, mangyayari ang kahilingan mo. Kapag hindi, hindi mo makakamit ang hinihingi mo.”

11Patuloy silang nag-uusap habang naglalakad. Walang anu-ano'y pumagitna sa kanila ang isang karwaheng apoy na hila ng mga kabayong apoy. Nagkahiwalay sila at si Elias ay iniakyat sa langit sa pamamagitan ng ipu-ipo.

12Kitang-kita ito ni Eliseo, kaya't napasigaw siya: “Ama ko! Ama ko! Magiting na tagapagtanggol ng Israel!” At nawala na sa paningin niya si Elias.

**Pinalitan ni Eliseo si Elias**

Sa tindi ng kalungkutan, pinunit ni Eliseo ang kanyang damit mula itaas hanggang sa laylayan.

13Dinampot niya ang nalaglag na balabal ni Elias at bumalik sa pampang ng Ilog Jordan.

14Hinawakan niya sa isang dulo ang balabal at inihampas sa tubig sabay sabi, “Nasaan si Yahweh, ang Diyos ni Elias?” Nahawi ang tubig at siya'y tumawid.

15Nang makita ito ng mga propetang taga-Jerico na nakatanaw sa di-kalayuan, sinabi nila, “Sumasakanya ang kapangyarihan ni Elias.” Siya'y sinalubong nila at buong paggalang na niyukuran.

16Pagkatapos, sinabi nila, “May kasamahan pa po kaming limampu na pawang malalakas. Kung ibig ninyo, ipapahanap namin ang inyong panginoon. Maaaring tinangay lang siya ng Espiritu ni Yahweh at ipinadpad sa ibabaw ng bundok o sa alinman sa mga libis sa paligid.” Sinabi niyang huwag na.

17Ngunit sa kapipilit sa kanya, hindi na siya nakatanggi kaya pinalakad na nila ang limampu. Tatlong araw silang naghanap ngunit hindi nila nakita si Elias.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Nang magbalik sila kay Eliseo sa Jerico, sinabi niya sa kanila, “Hindi ba't sinabi ko nang huwag na ninyo siyang hanapin?”

**Ginawang Dalisay ni Eliseo ang Tubig sa Jerico**

19Sinabi ng mga tagaroon kay Eliseo, “Tulad po ng inyong nakikita, maganda ang lunsod na ito, marumi nga lang ang tubig kaya't hindi mabunga ang lupa.”

20Sinabi niya, “Bigyan ninyo ako ng isang bagong mangkok at lagyan ninyo ng asin.” Ganoon nga ang ginawa nila.

21Dala ang mangkok, pumunta si Eliseo sa bukal ng tubig at ibinuhos ang asin. “Ito ang sabi ni Yahweh: ‘Lilinis ang tubig na ito at hindi na pagmumulan ng sakit o kamatayan,’” sabi niya.

22Mula noon, naging malinis ang tubig na iyon gaya ng sinabi ni Eliseo.

23Mula sa Jerico, pumunta siya sa Bethel. Sa daan, may mga kabataang lumabas mula sa bayan at pakutyang sinabi sa kanya: “Umalis ka rito, kalbo! Umalis ka rito, kalbo!”

24Nilingon niya ang mga kabataang iyon at sinumpa sila sa pangalan ni Yahweh. Mula sa kagubata'y lumabas ang dalawang babaing oso at nilapa ang apatnapu't dalawa sa mga kabataang kumukutya sa kanya.

25Mula roo'y nagtuloy siya sa Bundok ng Carmel bago bumalik sa Samaria.

## 2 Mga Hari 3

**Ang Digmaan ng Israel at Moab**

1Nang ikalabing walong taon ng paghahari ni Jehoshafat sa Juda, si Joram namang anak ni Ahab ay nagsimulang maghari sa Israel. Labindalawang taon siyang naghari sa Samaria, ang kabisera ng Israel.

2Ginawa rin niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh. Subalit hindi siya naging kasinsama ng kanyang ama o ng kanyang ina na si Jezebel sapagkat ipinaalis niya ang rebulto ni Baal na ipinagawa ng kanyang ama.

3Ngunit tulad ni Haring Jeroboam na anak ni Nebat, si Joram ay naging dahilan din upang magkasala ang Israel at hindi niya ito pinagsisihan.

**Hinulaan ni Eliseo ang Tagumpay Laban sa Moab**

4Maraming tupa si Haring Mesa ng Moab at taun-taon ay nagbubuwis siya sa Israel ng sandaang libong kordero at balahibo ng sandaang libong tupa.

5Ngunit nang mamatay si Ahab, naghimagsik siya laban sa Israel.

6Kaya, mula sa Samaria'y tinipon ni Haring Joram ang lahat ng mga kawal ng Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Nagpadala siya ng sugo kay Haring Jehoshafat ng Juda at ipinasabing naghimagsik laban sa kanya ang hari ng Moab. Ipinatanong niya kung tutulungan siya sa pakikipagdigma laban dito. Ganito naman ang sagot ni Jehoshafat: “Tutulungan kita sampu ng aking mga tauhan at kabayo.

8Saan kami dadaan sa aming paglusob?” tanong pa niya. “Sa ilang ng Edom,” sagot ni Joram.

9Kaya, nagsama-sama ang sandatahang-lakas ng mga hari ng Israel, Juda at Edom. Makaraan ang pitong araw nilang paglalakad, naubusan sila ng tubig. Wala nang mainom ang mga kawal at ang mga hayop.

10Dahil dito, sinabi ng hari ng Israel, “Tayong tatlo'y pinagsama-sama ni Yahweh upang ibigay sa kamay ng mga Moabita.”

11Itinanong ni Jehoshafat, “Wala ba ritong propeta para makasangguni tayo kay Yahweh?” Sumagot ang isa sa mga opisyal ng hari ng Israel, “Narito po si Eliseo, ang anak ni Safat at dating lingkod ni Elias.”

12Sinabi ni Jehoshafat, “Siya ay tunay na propeta ni Yahweh.” At ang tatlong hari ay pumunta kay Eliseo.

13Tinanong ni Eliseo ang hari ng Israel, “Bakit sa akin kayo lumalapit at hindi sa mga propetang nilapitan ng inyong ama't ina?” “Sapagkat kaming tatlo'y pinagsama-sama ni Yahweh upang ibigay sa kamay ng mga Moabita,” sagot ng hari.

14Sinabi ni Eliseo, “Saksi si Yahweh, ang buháy na Makapangyarihan sa lahat, na siyang aking pinaglilingkuran. Kung hindi lang dahil kay Haring Jehoshafat ng Juda, ni hindi kita papansinin.

15Dalhan ninyo ako ng isang manunugtog.” Ganoon nga ang ginawa nila. Nang tumutugtog na ito, si Eliseo'y nilukuban ng kapangyarihan ni Yahweh.

16At sinabi niya, “Sinasabi ni Yahweh na pababahain niya ang tuyong batis na ito.

17Hindi uulan ngunit mapupuno ng tubig ang batis na ito para may mainom kayo at ang inyong mga hayop.

18Hindi lamang iyan ang gagawin niya sa inyo. Ibibigay niya sa inyong mga kamay ang mga Moabita.

19Kaya't masasakop ninyo ang kanilang magagandang lunsod na napapaligiran ng mga pader. Ibubuwal ninyo ang kanilang mga punongkahoy, sasarhan ang mga batis at tatambakan ng bato ang kanilang mga bukirin.”

20Kinaumagahan, sa oras ng paghahandog, nakita nilang umaagos ang tubig mula sa Edom at naging masagana sa tubig ang lupaing iyon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Nabalitaan ng mga Moabita na nagsama-sama ang tatlong hari upang sila'y digmain. Kaya, tinipon nila ang lahat ng maaaring humawak ng sandata mula pinakabata hanggang pinakamatanda at ipinadala sa labanan.

22Kinaumagahan, nakita nila ang tubig na kasimpula ng dugo dahil sa sikat ng araw.

23Kaya sinabi nila, "Dugo! Marahil ay naglaban-laban ang mga hari at sila-sila'y nagpatayan. Lusubin na natin sila at samsamin ang kanilang ari-arian!"

24Ngunit pagdating nila sa himpilan ng mga Israelita, sinugod sila ng mga ito. Umurong ang mga Moabita ngunit tinugis sila ng mga Israelita at pinatay ang bawat abutan.

25Winasak nila ang mga lunsod sa Moab at lahat ng bukirin ay tinambakan nila ng bato. Hinarangan nila ang lahat ng batis, at ibinuwal ang lahat ng punongkahoy. Wala nang natitirang lunsod kundi ang Kir-hareset, kaya't kinubkob ito ng mga maninirador na Israelita.

26Nang makita ng hari ng Moab na natatalo na sila ng mga kaaway, nagtipon siya ng pitong daang kawal na sanay sa paggamit ng espada upang makalusot sila sa kinaroroonan ng hari ng Edom. Ngunit hindi sila nakalusot.

27Kaya, kinuha niya ang panganay niyang lalaki, ang magmamana ng kanyang korona at sinunog bilang handog sa ibabaw ng pader. Nang makita ito ng mga Israelita, sila'y kinilabutan. Kaya umatras na sila at umuwi sa kanilang lupain.

## 2 Mga Hari 4

### Tinulungan ni Eliseo ang Isang Biyuda

1Minsan, ang asawa ng isa sa mga propeta ay lumapit kay Eliseo. Sinabi niya, "Hindi po kaila sa inyo na ang asawa ko'y namuhay nang may takot kay Yahweh hanggang sa mamatay. Ngayon po, ang dalawa kong anak na lalaki ay gustong gawing alipin ng isa sa mga pinagkakautangan namin."

2"Ano ang maitutulong ko sa iyo?" tanong ni Eliseo. "Ano bang mayroon ka sa bahay mo?" "Wala po, maliban sa isang boteng langis," sagot niya.

3Sinabi ni Eliseo, "Puntahan mo ang iyong mga kapitbahay at humiram ka ng mga lalagyan ng langis hangga't mayroon kang mahihiram.

4Pagkatapos, magkulong kayong mag-iina sa inyong bahay at lahat ng lalagyang nahiram mo'y punuin mo ng langis na nasa bahay mo. Itabi mo ang mga napuno na."

5Umuwi nga ang babae at pagdating sa bahay ay nagkulong silang mag-iina at isa-isang pinuno ng langis ang mga lalagyan habang ang mga ito'y dinadala sa kanya ng kanyang mga anak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6 Hindi alam ng ina na puno nang lahat kaya sinabi niya: “Abutan pa ninyo ako ng lalagyan.” “Puno na pong lahat,” sagot ng kanyang mga anak. At tumigil na ang pagdaloy ng langis.

7 Pumunta siya kay Eliseo, ang lingkod ng Diyos at isinalaysay ang nangyari. Sinabi ni Eliseo sa babae, “Ipagbili mo ang langis at bayaran mo ang iyong mga utang. Ang matitira ay gamitin ninyong mag-iina.”

**Si Eliseo at ang Sunamita**

8 Minsan, si Eliseo'y pumunta sa Sunem. May isang mayamang babae roon at siya'y inanyayahang kumain sa kanila. Mula noon, doon siya kumakain tuwing pupunta sa lugar na iyon.

9 Sinabi ng babae sa kanyang asawa, “Natitiyak kong isang banal na lingkod ng Diyos ang taong ito.

10 Bakit di natin siya ipagpagawa ng isang silid para matuluyan niya tuwing pupunta rito? Bigyan natin siya ng higaan, mesa, upuan at ilawan.”

11 Isang araw, bumalik nga roon si Eliseo at doon siya nagpahinga sa silid na inihanda para sa kanya.

12 Tinawag niya ang katulong niyang si Gehazi at sinabi, “Tawagin mo ang babaing Sunamita.” Tinawag nga nito ang babae at di nagtagal ay dumating ang babae.

13 Sinabi niya sa kanyang katulong, “Sabihin mong pinasasalamatan natin ang pagpapapagawa niya ng tuluyan nating ito. Itanong mo kung ano ang maitutulong natin sa kanya bilang ganti sa kaabalahan niya sa atin. Baka may gusto siyang ipasabi sa hari o sa pinuno ng hukbo.” “Wala kayong dapat alalahanin. Nasisiyahan na po kami sa pamumuhay rito sa piling ng aming mga kababayan,” sagot ng babae.

14 Pagkaalis ng babae, tinanong ni Eliseo si Gehazi, “Ano kaya ang maitutulong natin sa kanya?” Sumagot si Gehazi, “Wala po siyang anak at matanda na ang kanyang asawa.”

15 “Tawagin mo siyang muli,” utos ni Eliseo. Kaya't bumalik ang babae at tumayo sa may pintuan.

16 Sinabi sa kanya ni Eliseo, “Isang taon mula ngayon ay mayroon ka nang anak na lalaking kakalungin.” Sinabi ng babae, “Mahal na lingkod ng Diyos, huwag na po ninyo akong paasahin.”

17 Ngunit dumating ang araw at naglihi ang Sunamita. At tulad ng sinabi ni Eliseo, nanganak siya ng isang lalaki makalipas ng halos isang taon mula nang sabihin ito sa kanya.

18 At lumaki ang bata. Isang araw, sumunod ito sa kanyang ama kasama ang iba pang gumagapas sa bukid.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19 Bigla na lamang dumaing ang bata na masakit ang kanyang ulo. Sinabi ng ama sa isang katulong, “Iuwi mo na siya sa kanyang ina.”

20 Sumunod naman ang inutusan at inilagay ang bata sa kandungan ng ina nito. Ngunit nang magtatanghaling-tapat, namatay ang bata.

21 Ang bangkay ay ipinasok ng ina sa silid ni Eliseo. Inilagay niya ito sa higaan, isinara ang pinto at dali-daling lumabas.

22 Tinawag niya ang kanyang asawa at sinabi, “Madali ka! Pagayakin mo ang isang utusan at ipahanda ang isang asnong masasakyan ko. Pupunta ako sa lingkod ng Diyos.”

23 “Anong gagawin mo roon?” tanong ng asawa. “Hindi ngayon Araw ng Pamamahinga at hindi rin Kapistahan ng Bagong Buwan.” “Kahit na. Kailangan ko siyang makausap,” sagot ng babae.

24 Nang maihanda na ang asno, dali-dali siyang sumakay at sinabi sa kanyang katulong, “Sige, pabilisin mo ang asno at huwag mong pababagalin hanggang hindi ko sinasabi sa iyo.”

25 At naglakbay sila, papunta sa Bundok ng Carmel sa kinaroroonan ni Eliseo. Nasa daan pa lamang, natanaw na sila ni Eliseo. Sinabi nito kay Gehazi, “Dumarating ang Sunamita.

26 Salubungin mo. Kumustahin mo siya, ang kanyang asawa at ang kanyang anak.” Nang kumustahin ni Gehazi, sumagot ang babae, “Mabuti po.”

27 Paglapit niya kay Eliseo, nagpatirapa ang babae at hinawakan ang mga paa ni Eliseo. Itutulak sanang palayo ni Gehazi ang babae ngunit sinabi ni Eliseo, “Pabayaan mo siya. Tiyak na may malaki siyang problema. Hindi pa lang ipinapaalam sa akin ni Yahweh.”

28 Sinabi ng babae, “Humingi ba ako sa inyo ng anak? Hindi ba't sinabi kong huwag na ninyo akong paasahin?”

29 Nilingon ni Eliseo si Gehazi at sinabi, “Magbalabal ka. Dalhin mo ang aking tungkod at tumakbo ka. Kapag may nakasalubong ka sa daan, huwag mong babatiin. Kapag may bumati sa iyo, huwag mong papansinin. Tumuloy ka sa bahay nila at ipatong mo ang tungkod sa mukha ng bata.”

30 Sinabi ng Sunamita, “Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, at hangga't buháy ka, hindi ako aalis nang hindi ka kasama.” Pagkasabi nito'y lumakad siyang papalabas ng bahay. Kaya, tumindig na si Eliseo at sumunod sa kanya.

31 Samantala, nauna si Gehazi sa bahay ng Sunamita at ipinatong sa bangkay ng bata ang tungkod ni Eliseo. Ngunit walang palatandaang ito'y mabubuhay. Kaya, bumalik siya at sinalubong si Eliseo. Sinabi niya, “Hindi po nagising ang bata.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

32Nagtuloy si Eliseo sa kanyang silid at nakita niya ang bangkay sa kanyang higaan.

33Isinara niya ang pinto at nanalangin kay Yahweh.

34Dinapaan niya ang bangkay at hinawakan ang mga kamay nito. Pagkatapos, itinapat niya sa bibig at mata ng bangkay ang kanyang bibig at mata. At unti-unting uminit ang bangkay.

35Tumayo si Eliseo at nagpabalik-balik sa loob ng silid. Muli niyang dinapaan ang bangkay. At ang bata'y bumahin nang pitong beses, saka idinilat ang mga mata.

36Ipinatawag niya kay Gehazi ang Sunamita at nang pumasok ito, sinabi niya, "Kunin mo na ang iyong anak."

37Ang babae'y nagpatirapa sa paanan ni Eliseo. Pagkatapos, kinuha ang kanyang anak at dinala sa kanyang silid.

**Ang Kababalaghang Ginawa ni Eliseo para sa mga Propeta**

38Kasalukuyang taggutom sa Gilgal nang magbalik doon si Eliseo. Isang araw, samantalang nakaupo sa paligid niya ang pangkat ng mga propeta, sinabi niya sa kanyang katulong, "Isalang mo ang malaking palayok at ipagluto mo ang mga propetang ito."

39Tumayo ang isa sa mga naroon at lumabas ng bukid upang manguha ng gulay. Nakakita siya ng isang ligaw na baging na parang upo at maraming bunga. Kumuha siya ng makakaya niyang dalhin. Pagbabalik niya'y pinagputul-putol ang mga iyon at inilagay sa palayok na nakasalang.

40Pagkaluto, inihain niya ito ngunit nang tikman nila'y napasigaw sila, "Lingkod ng Diyos, lason po ito!" Hindi nila ito makain.

41Sinabi ni Eliseo, "Magdala kayo rito ng kaunting harina." Inabutan nga siya at ito'y ibinuhos sa palayok saka sinabi, "Ihain ninyo ngayon." Nang kainin nila, wala namang masamang nangyari sa kanila.

42Isang lalaking taga-Baal-salisa ang lumapit kay Eliseo. May dala siyang bagong aning trigo at dalawampung tinapay na yari sa unang ani niya ng sebada. Sinabi ni Eliseo, "Ihain ninyo iyan sa mga tao."

43Sumagot ang kanyang katulong, "Hindi po ito magkakasya sa sandaang katao." Iniutos niya muli, "Ihain ninyo iyan sa mga tao sapagkat sinabi ni Yahweh: Mabubusog sila at may matitira pa."

44At inihain nga nila iyon. Kumain ang lahat at nabusog, at marami pang natira, tulad ng sabi ni Yahweh.

## 2 Mga Hari 5

**Pinagaling ang Ketong ni Naaman**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Sa Siria ay may isang pinuno ng hukbo na nagngangalang Naaman. Mataas ang pagtingin sa kanya ng hari sapagkat sa pamamagitan niya'y pinapagtatagumpay ni Yahweh ang Siria sa mga labanan. Si Naaman ay isang magiting na mandirigma ngunit siya'y may sakit na ketong.

2Minsan, ang mga taga-Siria ay nakabihag ng isang dalagitang Israelita. Naging katulong ang dalagitang ito ng asawa ni Naaman.

3Sinabi nito sa kanyang panginoon, “Kung ang asawa ninyo ay lalapit sa propeta na nasa Samaria, tiyak na pagagalingin siya niyon.”

4Nang marinig ito ni Naaman, pumunta siya sa hari at ibinalita ang sinabi ng dalagitang Israelita.

5Sinabi naman ng hari, “Sige, pumunta ka at magpapadala ako sa iyo ng sulat para sa hari ng Israel.” Pumunta nga si Naaman na may dalang 350 kilong pilak, anim na libong pirasong ginto at sampung magagarang kasuotan.

6Dala rin niya ang sulat para sa hari ng Israel. Ganito ang sabi sa sulat: “Mahal na hari, ang may dala nito'y si Naaman na aking lingkod. Nais ko sanang pagalingin mo siya sa kanyang ketong.”

7Nang mabasa ito ng hari ng Israel, pinunit niya ang kanyang damit at sinabi, “Ako ba'y Diyos na maaaring pumatay at bumuhay? Bakit sa akin niya pinapunta ang taong ito para pagalingin sa kanyang sakit? Baka naman humahanap lang siya ng dahilan para magdigmaan kami?”

8Nang mabalitaan ni Eliseo ang ginawa ng hari, ipinasabi niya, “Bakit kayo nababahala? Papuntahin ninyo siya sa akin upang malaman nilang may propeta rito sa Israel.”

9Nalaman ito ni Naaman kaya sumakay siya sa kanyang karwahe, at pumunta sa bahay ni Eliseo, kasama ang marami niyang kawal na nakasakay sa kabayo at mga karwahe.

10Ipinasabi sa kanya ni Eliseo: “Pumunta ka sa Ilog Jordan. Lumubog ka ng pitong beses at magbabalik sa dati ang iyong katawan. Gagaling ang iyong ketong.”

11Nang marinig ito, galit na umalis si Naaman. Sinabi niya, “Akala ko pa nama'y sasalubungin niya ako, tatayo sa harap ko, tatawagan ang Diyos niyang si Yahweh, at ikukumpas ang kanyang mga kamay sa tapat ng aking ketong at ako'y pagagalingin.

12At bakit hindi na lang sa mga ilog ng Damasco tulad ng Abana at ng Farfar na mas malinis kaysa alinmang ilog sa Israel? Hindi ba puwedeng doon na lang ako maligo para gumaling?”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13 Ngunit lumapit sa kanya ang kanyang mga lingkod at sinabi, “Ginoo, kung mas mahirap pa riyan ang ipinagagawa sa inyo ng propeta, di ba't gagawin ninyo iyon? Gaano pa iyang pinaghuhugas lang kayo para luminis?”

14 Kaya, pumunta rin si Naaman sa Ilog Jordan, at naglublob ng pitong beses gaya ng ipinagbibilin ng propetang si Eliseo. Nagbalik nga sa dati ang kanyang laman at kuminis ang kanyang balat, tulad ng kutis ng bata.

15 Si Naaman at ang kanyang mga kasama ay bumalik kay Eliseo. Sinabi niya, “Ngayo'y napatunayan kong walang ibang diyos sa ibabaw ng lupa kundi ang Diyos ng Israel. Narito, pagdamutan ninyo itong aking nakayanan.”

16 Ngunit sinabi ni Eliseo, “Saksi si Yahweh, ang buháy na Diyos na aking pinaglilingkuran, hindi ako tatanggap ng kahit ano.” Pinilit siya ni Naaman ngunit talagang ayaw niyang tumanggap.

17 Dahil dito, sinabi ni Naaman, “Kung ayaw ninyo itong tanggapin, maaari po bang mag-uwi ako ng lupa mula rito? Kakargahan ko ng lupa ang aking dalawang mola. Mula ngayon, hindi na ako mag-aalay ng handog na susunugin sa sinumang diyos liban kay Yahweh.

18 At sana ay patawarin niya ako sa gagawin ko. Kasi, pagpunta ng aking hari sa Rimon upang sumamba, isasama niya ako at kasama ring luluhod. Sana'y patawarin ako ni Yahweh sa aking pagluhod sa templo sa Rimon.”

19 Sinabi sa kanya ni Eliseo, “Humayo kang payapa.” Nang malayu-layo na si Naaman,

20 naisaloob ni Gehazi na lingkod ni Eliseo, “Hindi tinanggap ng aking panginoon ang ibinibigay sa kanya ni Naaman? Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, hahabulin ko ang taga-Siriang iyon at hihingi ako sa kanya ng kahit ano.”

21 Sinundan nga niya si Naaman. Nang makita siya nitong tumatakbo, bumabâ ito ng karwahe. Sinalubong siya nito at tinanong, “May problema ba?”

22 Sumagot siya, “Wala naman po. Pinasunod lang ako ng aking panginoon para sabihing may dumating na dalawang mahirap na propeta mula sa Efraim. Kung maaari raw ay bigyan mo sila ng 35 kilong pilak at dalawang bihisang damit.”

23 Sinabi ni Naaman, “Tanggapin mo sana itong 70 kilong pilak.” At pilit niyang ibinigay ang 70 kilong pilak. Isinilid ito sa dalawang supot kasama ng dalawang bihisang damit at ipinapasan sa dalawa niyang tauhan. At ang mga ito'y naunang lumakad kay Gehazi.

24 Pagdating sa burol, kinuha niya sa dalawa ang mga dala nito at pinabalik na kay Naaman. At itinago niya sa bahay ang mga supot at mga damit.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Pagkatapos, bumalik siya sa kanyang panginoon. Tinanong siya nito, “Saan ka galing, Gehazi?” “Hindi po ako umaalis,” sagot niya.

26Sinabi ni Eliseo, “Hindi ba't kasama mo ang aking espiritu nang bumabâ sa karwahe si Naaman at salubungin ka. Hindi ngayon panahon ng pagtanggap ng salapi, damit, taniman ng olibo, ubasan, tupa, baka at mga alipin!

27Kaya't ang sakit sa balat ni Naaman na parang ketong ay mapupunta sa iyo at sa mga susunod mong salinlahi.” Nang umalis si Gehazi, nagkaroon siya ng maputing sakit sa balat na parang ketong.

## 2 Mga Hari 6

### Pinalutang ang Talim ng Palakol

1Minsan, lumapit kay Eliseo ang pangkat ng mga propetang pinapamahalaan niya. Sinabi nila, “Maliit na po para sa amin ang aming tirahan.

2Kung papayag kayo, pupunta kami sa Jordan at puputol kami roon ng kahoy na gagawin naming bahay.” Pumayag naman si Eliseo.

3Sinabi ng isa sa kanila, “Kung maaari po ay sumama kayo sa amin.” “Sige, sasama ako,” sagot niya.

4At pumunta nga sila sa Jordan upang pumutol ng kahoy.

5Nang pumuputol na sila ng kahoy, nahulog sa tubig ang talim ng palakol ng isa sa kanila. Sumigaw siya, “Guro, anong gagawin ko ngayon? Hiniram ko po lamang iyon.”

6Itinanong ni Eliseo, “Saang banda nahulog?” Nang ituro sa kanya kung saan nahulog, pumutol siya ng isang sanga ng kahoy. Inihagis niya iyon sa tubig, at lumutang ang talim ng palakol.

7Sinabi ni Eliseo, “Kunin mo na.” Inabot naman iyon ng lalaki.

### Si Eliseo at ang mga Taga-Siria

8Minsan, binalak ng hari ng Siria na digmain ang Israel. Tinipon rin niya ang kanyang mga tauhan at sinabi sa kanila ang kanyang napiling lugar na pagkakampuhan.

9Ngunit ipinasabi ito ni Eliseo sa hari ng Israel. Binalaan niya ito, “Huwag na huwag kayong pupunta sa naturang lugar sapagkat nag-aabang doon ang mga taga-Siria.”

10At pinabantayan nga ng hari ng Israel ang mga lugar na sinabi ni Eliseo. Maraming beses na sinabi sa kanya ni Eliseo tungkol sa balak na pagsalakay ng mga taga-Siria. At lahat ng lugar na sabihin sa kanya'y pinalalagyan ng mga bantay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Dahil dito, labis na nabahala ang hari ng Siria. Kaya, tinipon niya ang kanyang mga tauhan at tinanong, "Magsabi kayo ng totoo. Sino sa inyo ang nakikipagsabwatan sa hari ng Israel?"

12Isa sa mga naroon ang sumagot, "Wala po, mahal na hari. Si Eliseo po, ang propeta sa Israel ang nagsasabi sa kanilang hari kahit ang inyong mga lihim na binabalak."

13Sinabi niya, "Kung ganoon, hanapin ninyo siya at hulihin." May nagsabi sa kanyang si Eliseo ay nasa Dotan,

14kaya nagpadala siya roon ng maraming kawal na sakay ng mga karwahe at kabayo. Gabi na nang dumating sila roon at pinaligiran nila ang lunsod.

15Kinabukasan ng umaga, lumabas ang katulong ni Eliseo at nakita niya ang maraming kawal, ang mga kabayo at karwaheng nakapaligid sa lunsod. Sinabi niya, "Guro, paano tayo ngayon?"

16Sinabi ni Eliseo, "Huwag kang matakot. Mas marami tayong kakampi kaysa kanila."

17At siya'y nanalangin, "Yahweh, buksan po ninyo ang kanyang paningin nang siya'y makakita." Pinakinggan ni Yahweh ang kanyang panalangin at nakita ng katulong ni Eliseo na ang bundok ay punung-puno ng mga kabayo at karwaheng apoy na nakapaligid kay Eliseo.

18Nang salakayin sila ng mga taga-Siria, nanalangin uli si Eliseo, "Yahweh, bulagin po ninyo sana sila." At binulag nga ni Yahweh ang mga taga-Siria bilang sagot sa panalangin ni Eliseo.

19Sinabi niya sa mga ito, "Hindi rito ang daan, hindi ito ang lunsod. Sumunod kayo sa akin at dadalhin ko kayo sa taong hinahanap ninyo." At sila'y kanyang dinala sa Samaria.

20Pagpasok nila sa lunsod, nanalangin si Eliseo, "Yahweh, buksan na po ninyo ang kanilang paningin nang sila'y makakita." Binuksan nga ni Yahweh ang paningin ng mga taga-Siria at nagulat sila nang makita nilang sila'y nasa loob ng Samaria.

21Nang makita sila ng hari ng Israel, dalawang beses nitong itinanong kay Eliseo, "Papatayin ko po ba sila?"

22Sumagot siya, "Huwag, mahal na hari. Hindi nga ninyo pinapatay ang mga nabibihag ninyo sa digmaan. Sila pa kaya? Sa halip, pakanin ninyo sila at painumin, pagkatapos ay pabalikin sa kanilang hari."

23Nagpahanda ng maraming pagkain ang hari ng Israel at pinakain ang mga bihag na taga-Siria, saka pinauwi sa kanilang hari. Mula noon, hindi na muling sumalakay ang mga taga-Siria sa lupain ng Israel.

**Ang Pagkubkob sa Samaria**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[24]Hindi nagtagal, tinipon ni Ben-hadad, hari ng Siria ang kanyang buong hukbo at kinubkob ang Samaria.

[25]Dahil dito'y nagkaroon ng taggutom sa Samaria. Ang isang ulo ng asno ay nagkahalaga ng walumpung pirasong pilak at limang pirasong pilak naman ang kalahating litro ng dumi ng kalapati.

[26]Minsan, nang naglalakad ang hari ng Israel sa ibabaw ng pader ng lunsod, tinawag siya ng isang babae, "Mahal na hari, tulungan po ninyo ako!"

[27]Sinabi niya, "Kung hindi ka tutulungan ni Yahweh, paano nga kita matutulungan? Wala naman akong trigo o katas ng ubas.

[28]Ano bang problema mo?" tanong sa kanya ng hari. Sumagot ang babae, "Napag-usapan po namin ng babaing ito na iluto namin ang aking anak para may makain kami ngayon. Bukas, ang anak naman niya ang kakainin namin.

[29]Kaya naman po iniluto namin ang aking anak at kinain. Nang hingin ko na po ang kanyang anak para iluto, itinago po niya at ayaw niyang ibigay."

[30]Nang marinig ito, pinunit ng hari ang kanyang damit. Nakita ng mga taong malapit sa pader na nakasuot pala siya ng damit-sako na nakapailalim sa kanyang kasuotan bilang tanda ng matinding kalungkutan.

[31]Sinabi niya, "Patayin sana ako ng Diyos kapag ngayong maghapo'y hindi ko napapugutan ng ulo si Eliseo na anak ni Safat!"

[32]Kaya't inutusan niya ang kanyang lingkod na kunin si Eliseo. Samantala, si Eliseo naman ay nasa kanyang bahay at kausap ng pinuno ng Israel. Papunta naman doon ang lalaking inutusan ng hari. Hindi pa ito nakakarating doon ay sinabi na ni Eliseo sa matatandang pinuno, "Tingnan ninyo at papupugutan pa ako ng mamamatay-taong iyon. Pagdating niya rito, isara ninyo ang pinto at bayaan siya sa labas. Kasunod na rin niya ang hari."

[33]Hindi pa halos natatapos ang sinasabi ni Eliseo ay dumating ang hari. Sinabi nito, "Ang paghihirap nating ito'y padala ni Yahweh. Bakit ko pa hihintayin ang gagawin ni Yahweh bago ako kumilos?"

## 2 Mga Hari 7

[1]Sinabi ni Eliseo, "Makinig kayo sa ipinapasabi ni Yahweh: 'Bukas sa ganitong oras, sa may pagpasok ng Samaria ay makakabili ka na ng isang takal na pinong harina o dalawang takal na sebada sa halagang isang pirasong pilak.'"

[2]Sinabi ng opisyal na kanang kamay ng hari, "Hindi magkakatotoo iyang sinasabi mo kahit pa buksan ni Yahweh ang mga bintana ng langit." Sinabi naman ni Eliseo, "Makikita mong ito'y mangyayari bukas ngunit hindi mo ito matitikman."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Umalis ang Hukbo ng Siria

3 May apat na taong may sakit sa balat na parang ketong noon sa may pasukan ng lunsod. Nag-usap-usap sila, “Bakit nakaupo tayo rito at naghihintay na lang ng kamatayan?

4 Kung papasok tayo ng lunsod, tiyak na mamamatay tayo sa gutom doon. Kung mananatili naman tayo rito, mamamatay rin tayo. Mabuti pa'y pumunta tayo sa kampo ng mga taga-Siria. Kung hindi nila tayo patayin, mabuti. Kung patayin nila tayo, matatapos na ang ating paghihirap.”

5 Nang palubog na ang araw, pumunta nga sila sa kampo ng mga taga-Siria. Pagdating doon, wala silang dinatnan isa man

6 sapagkat sa kapangyarihan ni Yahweh, ang mga kawal ng Siria ay nakarinig ng mga yabag ng napakaraming kabayo at mga karwahe. Dahil dito, inakala nilang inupahan ng hari ng Israel ang mga hari ng Heteo at Egipcio para digmain sila.

7 Kaya't tumakas sila nang magtatakipsilim. Iniwan nila ang kanilang kampo, pati mga kabayo, asno at lahat ng naroon at kanya-kanya silang takbo para iligtas ang kanilang buhay.

8 Pumasok ang apat sa unang tolda. Kumain sila at uminom. Pagkabusog, sinamsam nila ang lahat ng ginto, pilak at mga damit na naroon at ito'y itinago. Pagkatapos, pumasok din sila sa ibang tolda, sinamsam din ang lahat ng naroon at itinago.

9 Ngunit naisip nila, “Hindi tama itong ginagawa natin. Magandang balita ito at hindi natin dapat sarilinin. Hindi natin ito dapat ipagpabukas sapagkat tiyak na mapaparusahan tayo. Ang mabuti'y ipaalam na natin ito sa mga opisyal ng hari.”

10 At lumakad nga sila. Pagdating sa pasukan ng lunsod, sinabi nila sa mga bantay, “Galing kami sa kampo ng mga taga-Siria at isa mang bantay ay wala kaming dinatnan. Ang nakita lang namin ay mga kabayong nakatali, asno at mga tolda.”

11 Isinigaw naman ito ng mga bantay hanggang sa ang balita'y makarating sa palasyo.

12 Nang gabing iyon ay bumangon ang hari at tinipon ang pinuno ng Israel. Sinabi niya, “Pain lang ito ng mga taga-Siria. Alam nilang nagkakagutom tayo rito kaya iniwan nila ang kampo at nagtago sa paligid. Pagpasok natin doon, huhulihin nila tayo nang buháy. Sa ganoong paraan, mapapasok nila itong ating lunsod.”

13 Sinabi ng isa sa mga pinuno, “Pumili kayo ng ilang lalaki at patingnan natin kung ito'y totoo. Ipagamit natin sa kanila ang lima sa mga kabayong natitira pa sa atin. Kung makabalik sila nang buháy, magandang balita ito sa buong

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Israel. Kung mapatay naman sila, matutulad lamang sila sa mga kasama nating namatay na."

14Pumili nga sila ng dalawang karwahe at pinuntahan ang kampo ng mga taga-Siria upang malaman kung ano ang nangyari sa mga iyon.

15Nakaabot sila hanggang sa Ilog Jordan at wala silang nakitang kaaway. Ang nakita nila'y damit at mga kagamitang naiwan ng mga taga-Siria dahil sa pagmamadali. Nagbalik ang mga inutusan ng hari at ibinalita ang kanilang nakita.

16Nagpuntahan ang mga Israelita sa kampo ng mga taga-Siria at kinuhang lahat ang laman ng mga tolda. Kaya natupad ang sinabi ni Yahweh na may mabibili nang pagkain, isang pirasong pilak ang bawat takal ng pinong harina o kaya'y dalawang takal na sebada.

17Ang opisyal na kanang kamay ng hari ang pinagbantay sa pintuan ng lunsod. Nang magdagsaan ang mga tao, siya'y natapak-tapakan at namatay tulad ng sinabi ni Eliseo.

18Sapagkat nang sabihin ni Eliseo sa hari na bukas ay makakabili na ng dalawang takal na sebada o kaya'y isang takal na pinong harina sa halagang isang siklong pilak,

19ang opisyal na ito ang nagsabing hindi magkakatotoo iyon buksan man ni Yahweh ang mga bintana sa langit. Sinabi rin noon ni Eliseo, "Makikita mong ito'y magkakatotoo ngunit hindi mo matitikman ang pagkaing sinasabi ko."

20Iyon nga ang nangyari, natapak-tapakan siya ng mga tao at namatay sa may pintuan ng lunsod.

## 2 Mga Hari 8

### Bumalik ang Babaing Taga-Sunem

1Sinabi ni Eliseo sa ina ng bata na kanyang muling binuhay, "Umalis kayo rito at mangibang-bayan sapagkat sinabi ni Yahweh na magkakaroon ng taggutom dito sa loob ng pitong taon."

2Sumunod naman ang babae sa sinabi ng propeta. Umalis sila ng kanyang pamilya at nanirahan sa lupain ng mga Filisteo sa loob ng pitong taon.

3Pagkalipas ng pitong taon, bumalik siya sa Israel at nakiusap sa hari na ibalik sa kanya ang kanyang bahay at lupa.

4Kausap noon ng hari si Gehazi, ang lingkod ng propetang si Eliseo. Sinabi ng hari, "Isalaysay mo sa akin ang mga himalang ginawa ni Eliseo."

5Nang isinasalaysay na ni Gehazi ang tungkol sa pagbuhay sa patay, dumating ang ina ng batang binuhay ni Eliseo. Pumunta nga siya roon upang humingi ng tulong tungkol sa kanilang bahay at lupa. Nang makita ni Gehazi

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ang babae, sinabi niya sa hari, “Mahal na hari, ito po ang ina ng batang binuhay ni Eliseo.”

6Ang babae'y tinanong ng hari kung totoo ang sinasabi ni Gehazi, at sinabi niyang totoo nga. Kaya, ang hari ay humirang ng isang tao at inutusan ng ganito: “Gawan mo ng paraang maibalik sa babae ang lahat niyang ari-arian pati ang ani ng kanyang bukid mula nang umalis siya hanggang sa araw na ito.”

### Ang Paghahari ni Hazael sa Siria

7Si Eliseo ay pumunta sa Damasco at noon ay may sakit si Haring Ben-hadad ng Siria. Nang mabalitaan niyang nasa Damasco si Eliseo,

8inutusan niya si Hazael na magdala ng mga regalo at makipagkita kay Eliseo, ang propeta ng Diyos, upang itanong kay Yahweh kung gagaling pa siya o hindi.

9Lumakad si Hazael upang makipagkita kay Eliseo. Karga ng apatnapung kamelyo, dala niya ang iba't ibang magagandang regalo na produkto ng Damasco. Pagdating kay Eliseo, sinabi niya, “Inutusan po ako ng lingkod ninyong si Ben-hadad upang alamin kay Yahweh kung gagaling pa ang hari o hindi.”

10Ang sagot ni Eliseo, “Bumalik ka sa kanya at sabihin mong gagaling siya ngunit ipinaalam sa akin ni Yahweh na mamamatay siya.”

11At tinitigan niyang mabuti si Hazael hanggang sa ito'y mapahiya. Napaiyak si Eliseo.

12Nang itanong ni Hazael kung bakit siya umiiyak, sinabi ni Eliseo, “Sapagkat alam kong gagawan mo ng malaking kasamaan ang buong Israel. Susunugin mo ang kanilang mga kuta, papatayin mo ang mga kabataang lalaki, duduruging parang abo ang mga bata at bibiyakin mo ang tiyan ng mga buntis.”

13“Paano ko magagawa ang kakila-kilabot na bagay na iyan? Ako'y isang hamak na alipin lamang.” sagot ni Hazael. Sinabi ni Eliseo, “Ipinahayag sa akin ni Yahweh na ikaw ay magiging hari ng Siria.”

14At bumalik na si Hazael kay Ben-hadad. Tinanong siya nito, “Ano ang sinabi sa iyo ni Eliseo?” Sumagot siya, “Gagaling daw po kayo,” sagot ni Hazael.

15Ngunit kinabukasan, binasa ni Hazael ang isang kumot at ibinalot sa mukha ng hari hanggang sa ito'y mamatay. At si Hazael ang sumunod na hari ng Siria.

### Ang Paghahari ni Jehoram sa Juda

(2 Cro. 21:1-20)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Nang si Joram na anak ni Ahab ay limang taon nang naghahari sa Israel, si Jehoram na anak ni haring Jehoshafat ay nagsimula namang maghari sa Juda.

17Tatlumpu't dalawang taon siya nang maging hari, at walong taóng naghari sa Jerusalem.

18Ginawa rin niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh. Sinundan niya ang yapak ng mga naging hari ng Israel, tulad ng ginawa ng sambahayan ni Ahab na kanyang biyenan.

19Gayunman, hindi pa rin ibinagsak ni Yahweh ang Juda alang-alang sa lingkod niyang si David at sa pangako niya rito na maghahari ang kanyang mga susunod na salinlahi sa habang panahon.

20Sa panahon ni Jehoram, naghimagsik ang Edom laban sa Juda at naglagay ng sariling hari.

21Pumunta siya sa Zair, dala ang lahat niyang karwahe. Ngunit napaligiran sila ng mga Edomita kaya kinagabihan, nagpilit silang lumusot. Ang mga tauhan niya ay nagsitakas pauwi sa kani-kanilang bahay.

22Mula noon, hindi na sakop ng Juda ang Edom. Hindi nagtagal, naghimagsik din ang Libna.

23Ang iba pang ginawa ni Jehoram ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Juda*.

24Namatay siya at inilibing sa bayan ni David, sa libingan ng kanyang mga ninuno. Ang humalili sa kanya bilang hari ay ang anak niyang si Ahazias.

**Ang Paghahari ni Ahazias sa Juda**

(2 Cro. 22:1-6)

25Si Ahazias na anak ni Haring Jehoram ay naging hari ng Juda noong ikalabindalawang taon ng paghahari sa Israel ni Joram na anak ni Ahab.

26Si Ahazias ay dalawampu't dalawang taon noon at isang taon siyang naghari sa Jerusalem. Ang kanyang ina ay si Atalia na apo ni Omri na naging hari din ng Israel.

27Sinundan din niya ang yapak ng sambahayan ni Ahab na lolo ng kanyang asawa, nagkasala rin siya kay Yahweh.

28Tinulungan niya si Joram nang salakayin nito sa Ramot-gilead si Haring Hazael ng Siria. Noon ay nasugatan nang malubha si Joram,

29at umuwi siya upang magpagamot sa Jezreel. Nang mabalitaan ito ni Ahazias na anak ni Haring Jehoram ng Juda, dinalaw niya ito.

## 2 Mga Hari 9

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

## Ginawang Hari ng Israel si Jehu

1Samantala, tinawag ni Propeta Eliseo ang isa sa mga propeta at inutusan, "Magbihis ka. Pumunta ka sa Ramot-gilead at dalhin mo ang langis na ito.

2Pagdating doon, hanapin mo si Jehu na anak ni Jehoshafat at apo ni Nimshi. Sabihin mong iwan muna niya ang kanyang mga kasamahan at isama mo siya sa isang silid.

3Doo'y ibuhos mo ang langis na ito sa kanyang ulo. Sabihin mong pinili siya ni Yahweh upang maging hari ng Israel. Pagkatapos, umalis ka na agad."

4Pumunta nga sa Ramot-gilead ang kabataang propeta.

5Nadatnan niyang nagpupulong ang mga opisyal ng hukbo. Sinabi niya, "Napag-utusan po ako, mahal na pinuno." Si Jehu ang sumagot, "Sino sa amin ang kailangan mo?" "Kayo po," sagot ng propeta.

6Tumindig si Jehu at sumama sa propeta sa loob ng bahay. Pagdating doon, ibinuhos niya sa ulo ni Jehu ang langis sabay sabi, "Ganito ang sabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel: binubuhusan kita ngayon ng langis upang maging hari ng Israel na kanyang bayan.

7Papatayin mo ang iyong hari na anak ni Ahab upang maipaghiganti ko kay Jezebel ang aking mga propeta at ang lahat ng lingkod ni Yahweh na kanyang pinatay.

8Mauubos ang angkan ni Ahab at papatayin ko ang mga anak niyang lalaki sa Israel, maging alipin o malaya.

9Gagawin ko sa pamilya niya ang ginawa ko sa pamilya ni Jeroboam na anak ni Nebat, at ni Baasa na anak ni Ahias.

10Si Jezebel ay lalapain ng mga aso sa kaparangan ng Jezreel at walang maglilibing sa kanya." Pagkasabi nito, dali-daling umalis ang kabataang propeta.

11Nang bumalik si Jehu sa kanyang mga kasamahan, tinanong siya ng mga ito, "Ano ang nangyari? Anong kailangan sa iyo ng luku-lukong iyon?" Sinabi niya, "Alam na ninyo kung anong gusto ng luku-lukong iyon."

12"Ano nga ang sinabi niya?" tanong nila. At sinabi niya, "Ganito ang sabi niya: 'Inutusan ako ni Yahweh na buhusan kita ng langis upang ika'y maging hari ng Israel.'"

13Pagkarinig nito'y dali-dali nilang inalis ang kanilang mga balabal at inilatag sa paanan ni Jehu. Hinipan nila ang trumpeta at saka sumigaw: "Mabuhay si Jehu! Mabuhay ang hari!"

## Pinatay ni Jehu si Joram

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Pinag-aralan ni Jehu kung paano niya mapapatay si Joram na noon ay kasama ang mga Israelitang nagbabantay sa Ramot-gilead laban kay Haring Hazael ng Siria.

15Si Haring Joram ay bumalik noon sa Jezreel upang ipagamot ang sugat na tinamo sa pakikipaglaban kay Haring Hazael at sa mga tauhan nito. Sinabi ni Jehu, "Kung talagang kakampi ko kayo, isa man sa kanila'y huwag ninyong pababayaang makapunta sa Jezreel upang ibalita ang nangyaring ito."

16Sumakay siya sa kanyang karwahe upang puntahan si Joram sa Jezreel na noon ay dinadalaw ni Haring Ahazias ng Juda.

17Mula sa tore ng Jezreel, natanaw ng bantay ang pangkat ni Jehu. Sinabi niya, "May isang pangkat na dumarating." Sumagot si Joram, "Sabihin mong salubungin ng isa nating mangangabayo at itanong kung mga kaibigan ba sila o mga kaaway."

18Kaya sinalubong sina Jehu ng isang mangangabayo at sinabi, "Ipinatatanong po ng hari kung kayo'y kaibigan o kaaway." Sumagot si Jehu, "Kaibigan man o kaaway, wala akong pakialam. Sumunod ka na lang sa akin." Dahil dito sinabi ng bantay, "Sinalubong na sila ng ating kawal ngunit paparating pa rin dito ang pangkat."

19Inutusan niyang muli ang isang mangangabayo at ipinatanong kung kaibigan ba sila o kaaway. Sinabi ni Jehu, "Anong kaibigan o kaaway? Sumunod ka na lang sa akin."

20Sinabi uli ng bantay kay Joram, "Sinalubong na sila ng ating kawal ngunit paparating pa rin ang pangkat. Parang isang sira-ulo sa sobrang bilis ng pagpapatakbo ng karwahe ang kanilang pinuno; parang si Jehu na anak ni Nimshi."

21Sinabi ni Joram, "Ihanda ninyo ang aking sasakyan." Dali-daling sumakay sina Joram at Ahazias at sinalubong ang pangkat ni Jehu. Nagkasalubong sila sa lupain ni Nabot.

22Nang makilala siya ni Joram, itinanong nito, "Kapayapaan ba ang sadya mo, Jehu?" Sumagot si Jehu, "Magkakaroon ba ng kapayapaan habang naglipana ang pagsamba sa diyus-diyosan at pangkukulam na pinalaganap ng ina mong si Jezebel?"

23Nang marinig ito, biglang ibinuwelta ni Joram ang kanyang karwahe upang tumakas kasabay ng sigaw kay Ahazias, "Pinagtaksilan tayo!"

24Ngunit buong lakas na pinana ni Jehu si Joram. Tinamaan siya sa likod at tumagos ang palaso sa puso. Bumagsak si Joram sa loob ng karwahe.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Sinabi ni Jehu sa kanyang katulong na si Bidcar, “Buhatin mo siya at ihagis sa lupa ni Nabot ng Jezreel. Alalahanin mo ang pahayag ni Yahweh laban sa ama niyang si Ahab noong tayo'y kasama pa niya.

26‘Nakita mo ang pagkamatay ni Nabot at ng kanyang mga anak, gagantihan kita sa lupaing ito.’ Kaya nga, buhatin mo siya at ihagis sa lupa ni Nabot, upang matupad ang sinabi ni Yahweh.”

**Pinatay ni Jehu si Ahazias**

27Nang makita ni Ahazias ang nangyari, tumakas siya papuntang Beth-agan. Ngunit ipinapana rin siya ni Jehu at siya'y bumagsak sa loob ng karwahe nang paahon ito sa Gur na malapit sa Ibleam. Gayunman, nakatakas siya sa Megido at doon namatay.

28Ang bangkay niya'y kinuha ng kanyang mga tagapaglingkod at isinakay sa karwahe. At siya'y inilibing nila sa Jerusalem, sa libingan ng kanyang mga ninuno sa bayan ni David.

29Si Ahazias ay naging hari ng Juda noong ika-11 taon ng paghahari ni Joram sa Israel.

**Ang Pagkamatay ni Jezebel**

30Bumalik si Jehu sa Jezreel at ito'y nabalitaan ni Jezebel. Kinulayan ni Jezebel ang kanyang mga mata, inayos na mabuti ang buhok at dumungaw sa bintana ng palasyo.

31Nang makita niyang pumapasok si Jehu, itinanong niya, “Kapayapaan ba ang sadya mo, Zimri, mamamatay ng sariling panginoon?”

32Tumingala si Jehu at nagtanong, “Sino sa inyo riyan ang aking kakampi?” Nang dumungaw ang dalawa o tatlong eunuko

33sinabi niya sa mga ito, “Ihulog ninyo ang babaing iyan.” Inihulog nga nila si Jezebel. Nang ito'y bumagsak sa lupa, tumilamsik sa pader at sa mga kabayo ang kanyang dugo. At ang bangkay ay pinasagasaan niya sa karwahe.

34Pumasok si Jehu sa palasyo upang kumain at uminom. Maya-maya, sinabi niya, “Kunin ninyo ang isinumpang babaing iyon at ilibing ninyo sapagkat anak din naman siya ng hari.”

35Nang puntahan nila ang bangkay upang ilibing, wala na silang nadatnan kundi ang ulo, mga buto ng kamay at paa nito.

36Nang ibalita nila ito kay Jehu, sinabi nito, “Ito'y katuparan ng sinabi ni Yahweh sa pamamagitan ni Propeta Elias na, ‘Si Jezebel ay lalapain ng mga aso sa mismong nasasakupan ng Jezreel.

37Parang duming sasambulat ang kanyang bangkay at walang makakakilala sa kanya.’”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 2 Mga Hari 10

### Nilipol ni Jehu ang Sambahayan ni Ahab

1 Si Ahab ay may pitumpung anak na lalaki sa Samaria. Sinulatan ni Jehu ang mga pinuno ng Jezreel, ang matatandang pinuno, at ang mga tagapag-alaga ng mga anak ni Ahab. Ganito ang nasa sulat:

2 “Sinulatan ko kayo sapagkat kayo ang tagapangalaga sa sambahayan ng inyong panginoon, at nasa pamamahala ninyo ang kanyang mga karwahe at mga kabayo, mga sandata, at mga lunsod na napapaligiran ng pader.

3 Piliin ninyo ang pinakamahusay sa mga anak ng inyong panginoon. Gawin ninyo siyang hari at ipagtanggol ninyo siya.”

4 Kinilabutan sa takot ang mga pinuno sa Samaria sapagkat naisip nila na kung ang dalawang hari ay walang nagawa laban kay Jehu, lalong wala silang magagawa.

5 Kaya, sinagot nila ang sulat ni Jehu at kanilang sinabi, “Nakahanda kaming paalipin sa inyo. Susundin namin ang lahat ng ipag-uutos ninyo sa amin. Hindi kami maglalagay ng hari. Gawin na po ninyo ang inaakala ninyong mabuti.”

6 Sinulatan sila uli ni Jehu. Ang sabi sa sulat: “Kung talagang kampi kayo sa akin at handang sumunod sa mga utos ko, pugutan ninyo ng ulo ang mga anak ng inyong panginoon at dalhin dito sa Jezreel bukas ng ganitong oras.” Ang pitumpung anak ni Haring Ahab ay nasa pangangalaga ng mga pangunahing lalaki ng lunsod.

7 Pagkatanggap nila sa sulat, pinugutan nila ng ulo ang mga anak ng hari, at ang mga ulo'y inilagay sa mga basket at ipinadala kay Jehu sa Jezreel.

8 Pagdating doon, sinabi sa kanya ng tagapagbalita, “Narito na po ang mga ulo ng mga anak ni Ahab.” Sinabi ni Jehu, “Pagdalawahin ninyong bunton sa may pagpasok ng bayan at hayaan ninyo roon hanggang bukas ng umaga.”

9 Kinaumagahan, lumabas siya ng palasyo at sinabi sa mga tao, “Kayo ang humatol: kung ako ang pumatay sa aking panginoon, sino naman ang pumatay sa mga ito?

10 Natupad ngayon ang lahat ng sinabi ni Yahweh tungkol kay Ahab sa pamamagitan ni Propeta Elias.”

11 Wala ngang itinira si Jehu sa sambahayan ni Ahab. Pinatay niyang lahat ang tauhan nito at mga kaibigan, pati ang mga pari.

### Pinatay ang mga Kamag-anak ni Haring Ahazias

12 Pagkatapos, pumunta si Jehu sa Samaria. Sa daan, sa may lugar na tinatawag na Silungan ng mga Pastol, ay

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13nakasalubong niya ang mga kamag-anak ni Haring Ahazias ng Juda. Sila'y
tinanong niya, “Sino kayo?” “Mga kamag-anak po ni Haring Ahazias. Naparito
kami upang dalawin ang mga anak ng hari at ng reyna,” sagot nila.

14Ipinahuli niya ang mga ito at ipinapatay sa may hukay, malapit sa Silungan;
wala siyang ipinatirang buháy. Lahat-lahat ng napatay ay apatnapu't dalawa.

### Pinatay ang mga Natitirang Kamag-anak ni Ahab

15Nang umalis doon si Jehu, nakasalubong niya si Jonadad na anak ni
Recab. Binati siya ni Jehu at tinanong, “Ikaw ba'y buong pusong nakikiisa sa
akin?” “Oo,” sagot nito. “Kung ganoon,” sabi ni Jehu, “sumakay ka sa aking
karwahe.” At inalalayan niya ito sa pagsakay.

16Sinabi pa niya, “Isasama kita para makita mo kung gaano ako katapat kay
Yahweh.” At nagpatuloy silang magkasama sa karwahe.

17Pagdating sa Samaria, pinatay niyang lahat ang natitira pang kamag-anak
ni Ahab; wala siyang itinirang buháy, tulad ng sinabi ni Yahweh kay Elias.

### Pinatay ni Jehu ang mga Sumasamba kay Baal

18Tinipon ni Jehu ang mga tao at sinabi niya, “Hindi masyadong
pinaglingkuran ni Ahab si Baal, ngunit higit ko siyang paglilingkuran.

19Tawagin ninyo ang lahat ng mga propeta, mga pari at mga tagasunod ni
Baal, at gagawa tayo ng isang malaking paghahandog kay Baal. Kailangang
makasama ang lahat ng tagasunod ni Baal. Papatayin ang sinumang hindi
sasama.” Ngunit paraan lamang ito ni Jehu upang mapatay niyang lahat ang
mga sumasamba kay Baal.

20Iniutos niya, “Ipahayag ninyong tayo'y mag-uukol ng pagsamba para kay
Baal.” At ganoon nga ang ginawa nila.

21Ang pahayag na ito'y ipinaabot niya sa buong Israel at dumalo naman ang
lahat ng sumasamba kay Baal kaya't punung-puno ang templo ni Baal.

22Sinabi ni Jehu sa tagapag-ingat ng mga kasuotan sa templo, “Ilabas mong
lahat ang kasuotan at ipasuot sa mga sumasamba kay Baal.” Sumunod
naman ito.

23Pumasok siya sa templo, kasama si Jonadad na anak ni Recab. Sinabi niya
sa mga lingkod ni Baal, “Tingnan ninyong mabuti at tiyaking walang mga
lingkod si Yahweh na napasama sa inyo.”

24Pumasok sila upang ialay ang mga handog na susunugin. Si Jehu ay
naglagay ng walumpung tauhan sa labas ng templo at pinagbilinan ng ganito:
“Bantayan ninyong mabuti ang mga taong ito. Kayo ang papatayin ko kapag
may nakatakas.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Nang maialay na ang mga handog na susunugin, pinapasok niya ang mga kawal at mga pinuno at ipinapatay ang lahat ng nasa loob, saka isa-isang kinaladkad palabas. Nagtuloy sila sa kaloob-looban ng templo,

26inilabas ang mga sagradong haligi sa templo ni Baal at sinunog.

27Pagkatapos, winasak nila ang rebulto ni Baal at iginuho ang templo. At ang templo ay ginawa nilang tapunan ng dumi hanggang sa ngayon.

28Ganoon ang ginawa ni Jehu upang alisin sa Israel ang pagsamba kay Baal.

29Ngunit tinularan din niya ang kasalanan ni Jeroboam na anak ni Nebat, na sumamba sa guyang ginto na nasa Bethel at Dan na siya namang naging dahilan ng pagkakasala ng Israel.

30Sinabi ni Yahweh kay Jehu, “Dahil sa paglipol mo sa sambahayan ni Ahab na siya kong nais mangyari, sa sambayanan mo magmumula ang hari ng Israel, hanggang sa ikaapat na salinlahi.”

31Ngunit si Jehu ay hindi nagpatuloy sa pagsunod sa Kautusan ni Yahweh, ang Diyos ng Israel. Tinularan niya ang masasamang gawa ni Jeroboam na naghatid sa Israel sa pagkakasala.

**Ang Kamatayan ni Jehu**

32Nang panahong iyon, pinabayaan ni Yahweh na masakop ng ibang kaharian ang ibang lupain ng Israel. Unti-unti na silang nasasakop ni Hazael.

33Nakuha na sa kanila ang gawing silangan ng Jordan: ang buong Gilead, Gad, Ruben at Manases mula sa Aroer, sa may kapatagan ng Arnon, pati ang Gilead at ang Bashan.

34Ang iba pang ginawa ni Jehu ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel.*

35Namatay siya at inilibing sa Samaria at ang anak niyang si Joahaz ang pumalit sa kanya bilang hari.

36Naghari si Jehu sa Israel sa loob ng dalawampu't walong taon.

## 2 Mga Hari 11

**Inagaw ni Atalia ang Trono**
(2 Cro. 22:10–23:15)

1Nang malaman ni Atalia na patay na ang anak niyang si Ahazias, sinikap niyang patayin ang lahat ng kamag-anak ng hari.

2Ngunit si Joas na anak ni Ahazias ay naitakas ng tiya niyang si Jehoseba na anak ni Haring Jehoram at kapatid ni Ahazias. Itinago niya ito pati ang tagapag-alaga sa isang silid kaya hindi napatay ni Atalia.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Pagkatapos, dinala niya ito sa Templo ni Yahweh at anim na taóng itinago roon habang si Atalia ang naghahari sa lupain.

4Ngunit nang ikapitong taon ng pamumuno ni Atalia, ipinatawag ni Joiada ang mga pinuno ng mga bantay ng hari at ng mga bantay sa palasyo at pinapunta sa loob ng Templo. Pinagtibay nila roon ang isang kasunduan sa pangalan ni Yahweh. Pagkatapos, iniharap sila sa anak ng hari.

5Sinabi niya sa kanila, “Ito ang gagawin ninyo: ang ikatlong bahagi ng mga bantay para sa Araw ng Pamamahinga ay magbabantay sa palasyo ng hari.

6Ang isang ikatlong bahagi ay sa Pintuang Sur at ang isa pang bahagi ay sa may pagpasok sa likuran ng mga tagapagdala ng balita.

7Ang dalawang pangkat namang hindi nanunungkulan sa Araw ng Pamamahinga

8ang magbabantay sa hari. Sinumang lumapit ay patayin ninyo. Huwag ninyong hihiwalayan ang hari kahit saan magpunta.”

9Sinunod ng mga pinuno ang lahat ng iniutos sa kanila ng paring si Joiada. Isinama nila kay Joiada ang kani-kanilang tauhan, pati ang hindi nakatalagang manungkulan kung Araw ng Pamamahinga.

10At ibinigay ni Joiada sa mga opisyal ang mga kagamitan ni Haring David: ang mga sandata at pananggalang na nasa Templo ni Yahweh.

11At bawat kawal ay tumayo sa kanya-kanyang lugar at nakahanda sa anumang mangyayari. Ang iba'y sa gawing timog, ang iba'y sa hilaga, sa paligid ng altar at ng tirahan ng hari.

12Inilabas ni Joiada ang prinsipe. Kinoronahan niya ito, iniabot ang aklat ng Kautusan, binuhusan ng langis, at ipinahayag na hari. Pagkatapos, nagpalakpakan sila at nagsigawan: “Mabuhay ang hari!”

13Nang marinig ni Atalia ang ingay ng mga bantay at ng taong-bayan, pinuntahan niya ang mga ito sa Templo ni Yahweh.

14Pagdating doon, nakita niyang nakatindig ang hari sa tabi ng isang haligi sa harapan ng Templo, tulad ng kaugalian. Ang mga opisyal at ang mga taga-ihip ng trumpeta ay nakatayo sa tabi ng hari. Ang buong bayan naman ay di magkamayaw sa galak at walang malamang gawin sa pag-ihip ng kanilang trumpeta. Nang makita ito ni Atalia, sinira niya ang kanyang kasuotan at malakas na sinabi, “Ito'y isang malaking kataksilan!”

15Iniutos ng paring si Joiada sa mga opisyal ng hukbo, “Ilabas ang babaing iyan at patayin pati ang sinumang magtatangkang magligtas sa kanya. Ngunit huwag ninyo silang papatayin sa loob ng Templo ni Yahweh.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Siya'y sinunggaban nila, inilabas sa daanan ng mga kabayo ng hari, papasok sa palasyo at doon pinatay.

**Ang mga Pagbabagong Isinagawa ni Joiada**
(2 Cro. 23:16-21)

17Pagkatapos, pinanumpa ni Joiada si Haring Joas at ang taong-bayan na maging tapat bilang sambayanan ni Yahweh. Pinanumpa rin niya sa isang kasunduan ang hari at ang sambayanan.

18Pagkatapos, pumunta ang mga tao sa templo ni Baal. Giniba nila ito at winasak pati ang rebulto ni Baal. Pinatay nila sa harap ng altar si Matan na isang pari ni Baal. At si Joiada ay naglagay ng mga bantay sa Templo ni Yahweh.

19Tinipon niya ang mga pinuno ng mga bantay ng hari at ng mga bantay ng palasyo at sinamahan nila ang hari mula sa Templo ni Yahweh hanggang sa palasyo kasunod ang mga tao. Pumasok si Joas sa pintuan ng bantay at umupo siya sa trono bilang hari.

20Nagdiwang ang bayan. At naging mapayapa sila mula nang patayin si Atalia sa tirahan ng hari.

21Si Joas ay pitong taóng gulang nang maging hari ng Juda.

## 2 Mga Hari 12

**Ang Paghahari ni Joas sa Juda**
(2 Cro. 24:1-16)

1Nang ikapitong taon ng paghahari ni Jehu sa Israel, si Joas ay nagsimulang maghari sa Jerusalem. Naghari siya sa loob ng apatnapung taon. Ang kanyang ina ay si Zibia na taga-Beer-seba.

2Sa buong buhay niya'y naging kalugud-lugod siya kay Yahweh dahil sa pagtuturo sa kanya ng paring si Joiada.

3Gayunman, hindi niya naipagiba ang mga dambana para sa mga diyus-diyosan kaya nagpatuloy ang mga tao na maghandog ng hain at magsunog ng insenso doon.

4Minsan, sinabi ni Joas sa mga pari, “Ipunin ninyo sa Templo ang salaping ibinayad kaugnay ng mga handog—ang bayad para sa mga karaniwang handog at ang salaping ibinigay ng kusang-loob.

5Ang salapi ay tatanggapin ng bawat pari mula sa mga tao upang gamitin sa pagpapaayos ng anumang sira sa Templo.”

6Ngunit dalawampu't tatlong taon nang naghahari si Joas ay wala pang naipapaayos sa Templo ang mga pari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Kaya ipinatawag ni Haring Joas si Joiada at ang iba pang pari. “Bakit hindi pa ninyo inaayos ang mga sira sa Templo?” tanong niya sa mga ito. “Mula ngayon, hindi na kayo ang tatanggap ng salaping para sa pagpapaayos ng Templo.”

8Sumang-ayon naman ang mga pari na hindi na sila ang tatanggap ng salapi sa mga tao at hindi na rin sila ang mamamahala sa pagpapaayos ng Templo.

9Kumuha ng kahon ang paring si Joiada at binutasan niya ang takip nito. Inilagay niya ito sa tabi ng dambana, sa gawing kanan ng pintuan ng Templo ni Yahweh. Doon inilalagay ng mga paring nagbabantay sa pinto ang lahat ng salaping ibinibigay ng mga tao.

10At kapag marami nang laman ang kahon, binibilang ito ng Pinakapunong pari at ng kalihim ng hari, saka inilalagay sa mga supot.

11Pagkatapos timbangin ang mga salaping naipon, ibinibigay nila ito sa mga namamahala sa pagpapaayos ng Templo. Ito ang ibinabayad nila sa mga karpintero at sa mga manggagawa,

12sa mga kantero at sa mga nagtatapyas ng adobe. Dito rin nila kinukuha ang pambili ng mga kahoy, ng mga batong tinapyas at ng iba pang kailangan sa pagpapaayos ng Templo ni Yahweh.

13Ang nalikom na salaping ito'y hindi nila ginagamit sa paggawa ng mga palangganang pilak, mga pantabas ng mitsa, mga mangkok, mga trumpeta o anumang kasangkapang yari sa ginto o pilak.

14Lahat ng malikom ay ibinabayad nila sa mga manggagawa at ibinibili ng mga kasangkapan para sa pagpapaayos ng Templo.

15Hindi na nila hinihingan ng ulat ang mga namamahala sa mga gawain sapagkat matatapat ang mga ito.

16Ang salaping mula sa handog na pambayad ng kasalanan at ang salaping mula sa handog para sa kapatawaran ng kasalanan ay hindi na inilalagay sa kaban sapagkat nakalaan iyon sa mga pari.

17Nang panahong iyon, ang lunsod ng Gat ay sinalakay at sinakop ni Hazael na hari ng Siria. Pagkatapos, tinangka naman niyang salakayin ang Jerusalem.

18Kaya kinuha ni Haring Joas ang mga kaloob na nalikom ng mga ninuno niyang sina Jehoshafat, Jehoram at Ahazias na naging mga hari ng Juda, pati na rin ang mga kaloob na kanyang nalikom. Kinuha rin niya ang mga ginto at pilak sa kabang-yaman ng Templo at ng palasyo, at ipinadala kay Haring Hazael. Dahil dito, hindi na sinalakay ni Hazael ang Jerusalem.

19Ang iba pang mga ginawa ni Joas ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Juda*.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Nagkaisa ang kanyang mga opisyal laban sa kanya at pinatay siya ng mga ito sa bayan ng Millo, sa may papuntang Sila.

[21]Ang pumatay sa kanya ay ang mga opisyal niyang si Josacar na anak ni Simeat at si Jozabad na anak ni Somer. Inilibing si Joas sa libingan ng mga hari, sa lunsod ni David. Humalili sa kanya ang anak niyang si Amazias bilang hari.

## 2 Mga Hari 13

### Ang Paghahari ni Jehoahaz sa Israel

[1]Nang ikadalawampu't tatlong taon nang paghahari sa Juda ni Joas na anak ni Ahazias, nagsimula namang maghari sa Israel si Jehoahaz na anak ni Jehu. Naghari siya sa Samaria sa loob ng labimpitong taon.

[2]Ginawa rin niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh. Sinundan rin niya ang mga masasamang gawain ni Jeroboam na anak ni Nebat, na nanguna sa Israel para magkasala. Nagpakasama rin siyang tulad nila.

[3]Dahil dito, nagalit si Yahweh sa Israel kaya hinayaan niyang matalo ito ni Haring Hazael ng Siria at ng anak nitong si Ben-hadad.

[4]Nanalangin si Jehoahaz kay Yahweh at pinakinggan naman siya sapagkat nakita ni Yahweh ang kalupitang dinaranas ng Israel sa kamay ng hari ng Siria.

[5]Binigyan sila ni Yahweh ng isang tagapagligtas na siyang nagpalaya sa kanila sa kapangyarihan ng Siria. At muling namuhay nang mapayapa ang mga Israelita sa kani-kanilang tahanan.

[6]Ngunit hindi pa rin nila tinalikuran ang kasamaan ni Jeroboam na umakay sa Israel para magkasala. Hinayaan nilang manatili sa Samaria ang haliging simbolo ng diyus-diyosang si Ashera.

[7]Walang natira sa hukbo ni Jehoahaz maliban sa limampung mangangabayo, sampung karwahe at 10,000 kawal. Parang alikabok na dinurog ni Hazael ang buong hukbo ni Jehoahaz.

[8]Ang iba pang ginawa ni Jehoahaz ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel*.

[9]Namatay siya at inilibing sa Samaria, sa libingan ng kanyang mga ninuno. Humalili sa kanya ang anak niyang si Jehoas.

### Ang Paghahari ni Jehoas sa Israel

[10]Nang ikatatlumpu't pitong taon ng paghahari ni Joas sa Juda, si Jehoas na anak ni Jehoahaz naman ay nagsimulang maghari sa Israel. Naghari siya sa Samaria sa loob ng labing-anim na taon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[11]Ginawa rin niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh. Nagpakasama rin siyang tulad ni Jeroboam, na anak ni Nebat, na nagbulid sa Israel sa pagkakasala. Wala siyang pinag-iba sa kanila.

[12]Ang iba pang ginawa ni Jehoas, pati ang pakikipaglaban niya kay Haring Amazias ng Juda ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel*.

[13]Namatay si Jehoas at inilibing sa Samaria, sa libingan ng mga hari ng Israel. Si Jeroboam ang humalili sa kanya bilang hari.

**Ang Pagkamatay ni Eliseo**

[14]Si Eliseo ay nagkasakit nang malubha at dinalaw siya ni Haring Jehoas ng Israel. Lumuluha nitong sinabi, "Ama ko, ama ko! Magiting na tagapagtanggol ng Israel!"

[15]Iniutos ni Eliseo sa hari, "Kumuha ka ng pana at mga palaso." Kumuha naman si Jehoas. Muling nag-utos si Eliseo, "Humanda ka sa pagtudla."

[16]Sinabi uli ni Eliseo, "Banatin mo ang pana." Binanat ng hari ang pana at ipinatong ni Eliseo sa kamay ni Jehoas ang kanyang mga kamay.

[17]Pagkatapos, iniutos ni Eliseo, "Buksan mo ang bintanang nakaharap sa Siria at itudla mo ang palaso." Sinunod naman ito ni Jehoas. Sinabi ni Eliseo, "Iyan ang palaso ng tagumpay ni Yahweh laban sa mga taga-Siria. Lalabanan mo sila sa Afec hanggang sa sila'y malipol.

[18]Ngayon, kumuha ka muli ng mga palaso at itudla mo sa lupa." Sumunod muli si Jehoas. Tatlong beses siyang tumudla sa lupa.

[19]Dahil dito'y pagalit na sinabi ni Eliseo, "Bakit tatlong beses ka lamang tumudla? Sana'y lima o anim na beses para lubusan mong malupig ang Siria. Sa ginawa mong iyan, tatlong beses ka lang magtatagumpay laban sa Siria."

[20]Namatay si Eliseo at inilibing. Nang panahong iyon, nakagawian na ng mga Moabita na salakayin ang Israel taun-taon tuwing tagsibol.

[21]Minsan, may mga Israelitang naglilibing ng isang lalaki. Walang anu-ano, may natanawan silang pangkat ng mga tulisan na palapit sa kanila. Kaya't sa pagmamadali ay naitapon na lamang nila ang bangkay sa libingan ni Eliseo. Nang ito'y sumayad sa kalansay ni Eliseo, nabuhay ang bangkay at bumangon.

**Ang Digmaan ng Israel at Siria**

[22]Ang Israel ay pinahirapan ni Haring Hazael ng Siria sa buong panahon ng paghahari ni Jehoahaz.

[23]Ngunit kinahahabagan sila ni Yahweh dahil sa kasunduan niya kina Abraham, Isaac at Jacob. Kaya hanggang ngayo'y hindi niya ito hinayaang lubusang nililipol ni pinababayaan man.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Nang mamatay si Haring Hazael ng Siria, ang anak niyang si Ben-hadad ang humalili sa kanya.

25Tatlong beses siyang natalo ni Jehoas at nabawi nito ang lahat ng bayan ng Israel na nasakop ni Hazael sa panahon ng paghahari ni Jehoahaz na ama ni Jehoas.

## 2 Mga Hari 14

### Ang Paghahari ni Amazias sa Juda

(2 Cro. 25:1-24)

1Nang ikalawang taon ng paghahari ni Jehoas sa Israel, nagsimula namang maghari sa Juda si Amazias na anak ni Joas.

2Dalawampu't limang taóng gulang siya noon at naghari siya sa loob ng dalawampu't siyam na taon. Ang kanyang ina ay si Jehoadin na taga-Jerusalem.

3Naging kalugud-lugod din siya sa paningin ni Yahweh kahit hindi siya naging katulad ng ninuno niyang si David. Tulad ng kanyang amang si Jehoas,

4hindi rin niya ipinagiba ang mga dambana ng mga diyus-diyosan kaya nagpatuloy ang mga tao sa paghahandog at pagsusunog ng insenso doon.

5Nang matatag na ang kanyang paghahari sa Juda, ipinapatay niya ang mga opisyal na pumatay sa kanyang amang hari.

6Ngunit hindi niya idinamay ang mga anak ng mga ito. Sinunod niya ang nakasulat sa Kautusan ni Moises: “Hindi dapat parusahan ng kamatayan ang mga magulang dahil sa krimeng nagawa ng mga anak ni ang mga anak dahil sa krimeng nagawa ng mga magulang. Ang nagkasala lamang ang siyang dapat patayin.”

7Si Amazias ay nakapatay ng sampung libong Edomita sa Libis ng Asin at nasakop niya ang Sela. Tinawag niya itong Jokteel na siya pa ring pangalan nito hanggang ngayon.

8Pagkatapos, si Amazias ay nagpadala ng sugo kay Haring Jehoas ng Israel, anak ni Jehoahaz at apo ni Jehu. Hinamon niya ito sa isang labanan, “Pumarito ka't harapin mo ako.”

9Ganito naman ang sagot na ipinadala ni Jehoas sa hari ng Juda, “May isang maliit na puno sa Lebanon na nagpasabi sa isang malaking puno ng sedar sa Lebanon, ‘Ibigay mo ang anak mong babae para maging asawa ng anak ko.’ Dumating ang isang mabangis na hayop sa Lebanon at tinapakan ang maliit na puno.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Nang matalo mo ang Edom ay naging palalo ka na. Masiyahan ka na sana
sa kasikatan mo at manatili ka na lang sa bahay mo. Bakit naghahanap ka
pa ng gulo na ikapapahamak mo at ng buong Juda?"

11Ngunit hindi pinansin ni Haring Amazias ang sinabi ni Haring Jehoas. Kaya
sumalakay ang hukbo ni Jehoas sa Beth-semes na sakop ng Juda.

12Natalo ng Israel ang Juda at ang mga tauhan nito'y nagkanya-kanyang
takas pauwi.

13Binihag ni Haring Jehoas si Amazias at sinalakay ang Jerusalem. Iginuho
niya ang pader nito mula sa Pintuang Efraim hanggang sa Pintuang Sulok;
ito'y may habang halos 180 metro.

14Sinamsam niya ang mga pilak at ginto at ang mga kagamitan sa Templo ni
Yahweh at sa kabang-yaman ng palasyo. Nagdala rin siya ng mga bihag
nang magbalik siya sa Samaria.

15Ang iba pang ginawa ni Jehoas pati ang kagitingan sa kanyang pakikidigma
kay Haring Amazias ng Juda ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng
Israel*.

16Siya'y namatay at inilibing sa Samaria, sa libingan ng mga hari ng Israel.
Pumalit sa kanya bilang hari ang anak niyang si Jeroboam.

### Ang Kamatayan ni Haring Amazias ng Juda

(2 Cro. 25:25-28)

17Si Haring Amazias ng Juda ay nabuhay pa ng labinlimang taon mula nang
mamatay si Haring Jehoas ng Israel.

18Ang iba pang ginawa ni Amazias ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari
ng Juda*.

19Mayroong pangkat sa Jerusalem na nagkaisang patayin si Amazias kaya
tumakas siya sa Laquis. Ngunit siya'y sinundan nila roon at pinatay.

20Iniuwi sa Jerusalem ang kanyang bangkay sakay ng kabayo at inilibing sa
lunsod ni David, sa libingan ng kanyang mga ninuno.

21Pagkatapos, kinuha ng mga taga-Juda si Azarias na labing-anim na taon
pa lamang noon, at ginawang hari bilang kapalit ng kanyang amang si
Amazias.

22Muli niyang ipinatayo ang Elat at ibinalik niya ito sa Juda nang mamatay si
Haring Amazias.

### Ang Paghahari ni Jeroboam sa Israel

23Nang ikalabing limang taon ng paghahari ni Amazias sa Juda, naging hari
ng Israel sa Samaria si Jeroboam. Apatnapu't isang taon siyang naghari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Ginawa rin niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh; wala rin siyang pinag-iba sa mga kasalanan ni Jeroboam, na anak ni Nebat, na nagbulid sa Israel para magkasala.

25Bilang katuparan ng sinabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel sa pamamagitan ng lingkod niyang si propeta Jonas na anak ni Amitai ng Gat-hefer, nabawi ni Jeroboam ang dating sakop ng Israel mula sa may pasukan ng Hamat sa hilaga hanggang sa Dagat ng Araba sa timog.

26Nakita ni Yahweh ang matinding kahirapang dinaranas ng Israel. Halos wala nang ligtas sa kanila, maging malaya o alipin at wala namang ibang maaaring asahan.

27Ayaw naman ni Yahweh na lubusang mawala sa daigdig ang Israel, kaya iniligtas niya ito sa pamamagitan ni Jeroboam na anak ni Jehoas.

28Ang iba pang ginawa ni Jeroboam, ang kanyang mga pakikidigma pati ang pagbawi niya sa Damasco at Hamat para sa Israel ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel*.

29Nang mamatay si Jeroboam, inilibing siya sa Samaria sa libingan ng kanyang mga ninunong hari. Ang anak niyang si Zacarias ang humalili sa kanya bilang hari.

## 2 Mga Hari 15

### Ang Paghahari ni Azarias sa Juda

(2 Cro. 26:1-23)

1Nang ikadalawampu't pitong taon ng paghahari ni Jeroboam sa Israel, si Azarias na anak ni Amazias ay nagsimula namang maghari sa Juda.

2Labing-anim na taóng gulang siya noon at naghari siya sa Jerusalem sa loob ng limampu't dalawang taon. Ang kanyang ina ay si Jecolias na taga-Jerusalem.

3Siya'y naging kalugud-lugod kay Yahweh sapagkat sumunod siya sa halimbawa ng kanyang amang si Amazias.

4Gayunman, hindi niya ipinagiba ang mga dambana ng mga diyus-diyosan kaya nagpatuloy ang mga tao sa pagdadala roon ng mga handog at pagsusunog ng insenso.

5Pinarusahan siya ni Yahweh at nagkaroon siya ng sakit sa balat na parang ketong hanggang mamatay. Tumira siyang mag-isa sa isang bahay samantalang ang anak niyang si Jotam ang namamahala sa kaharian.

6Ang iba pang ginawa ni Azarias ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Juda*.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7 Nang mamatay si Azarias, inilibing siya sa libingan ng kanyang mga ninunong hari, sa lunsod ni David. Ang anak niyang si Jotam ang humalili sa kanya bilang hari.

### Ang Paghahari ni Zacarias sa Israel

8 Nang ikatatlumpu't walong taon ng paghahari ni Azarias sa Juda, si Zacarias na anak ni Jeroboam ay naging hari ng Israel. Naghari siya sa Samaria nang anim na buwan.

9 Ginawa rin niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh tulad ng kanyang mga ninuno. Nagpakasama rin siyang tulad ni Jeroboam, anak ni Nebat, na nagbulid sa Israel para magkasala.

10 Si Sallum na anak ni Jabes ay nakipagsabwatan laban kay Zacarias. Pinatay niya ito sa Ibleam at siya ang pumalit bilang hari ng Israel.

11 Ang mga ginawa ni Zacarias ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel*.

12 Natupad ang pangako ni Yahweh kay Jehu nang sabihin niya, “Ang mga anak mo hanggang sa ikaapat na salinlahi ang maghahari sa Israel.”

### Ang Paghahari ni Sallum sa Israel

13 Nang ikatatlumpu't siyam na taon ng paghahari ni Azarias sa Juda, si Sallum naman na anak ni Jabes ay naging hari ng Israel. Siya ay naghari sa Samaria nang isang buwan lamang.

14 Mula sa Tirza, dumating si Menahem na anak ni Gadi at sinalakay ang Samaria. Pinatay niya si Sallum at siya ang pumalit bilang hari.

15 Ang iba pang ginawa ni Sallum pati ang pakikipagsabwatan niya laban kay Zacarias ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel*.

16 Mula sa Tirza patungong Samaria, winasak ni Menahem ang Tapua sapagkat ayaw nilang sumuko sa kanya. Wala siyang pinatawad at ipinabiyak niya pati ang tiyan ng mga buntis.

### Ang Paghahari ni Menahem sa Israel

17 Nang ikatatlumpu't siyam na taon ng paghahari ni Azarias sa Juda, naging hari ng Israel si Menahem na anak ni Gadi. Siya'y naghari sa Samaria nang sampung taon.

18 Tulad ni Jeroboam, anak ni Nebat, na nagbulid sa Israel upang magkasala, ginawa rin niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh.

19 Sa panahon ni Menahem, ang Israel ay sinalakay ni Haring Pul ng Asiria. Nagbigay sa kanya si Menahem ng 35,000 kilong pilak upang makuha ang suporta nito sa pagpapalakas ng kanyang paghahari sa Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Para matipon ang halagang ito, hiningan niya ng tiglilimampung pirasong pilak ang lahat ng mayayaman sa Israel at ibinigay sa hari ng Asiria. Dahil dito, hindi sinakop ng Asiria ang Israel.

[21]Ang iba pang ginawa ni Menahem ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel*.

[22]Namatay siya at inilibing at ang anak niyang si Pekahias ang humalili sa kanya bilang hari.

**Ang Paghahari ni Pekahias sa Israel**

[23]Nang ikalimampung taon ng paghahari ni Azarias sa Juda, naging hari ng Israel si Pekahias na anak ni Menahem. Siya'y naghari sa Samaria nang dalawang taon.

[24]Tulad ni Jeroboam, anak ni Nebat, na nagbulid sa Israel upang magkasala, ginawa rin niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh.

[25]Si Peka na anak ni Remalias, isa sa mga opisyal sa hukbo ni Pekahias, ay nakipagsabwatan sa limampung taga-Gilead laban kay Pekahias. Pinatay nila si Pekahias sa loob ng nasasakupan ng palasyo sa Samaria, at si Peka ang humalili sa kanya bilang hari ng Israel.

[26]Ang iba pang ginawa ni Pekahias ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel*.

**Ang Paghahari ni Peka sa Israel**

[27]Nang ikalimampu't dalawang taon ng paghahari ni Azarias sa Juda, naging hari ng Israel si Peka na anak ni Remalias. Siya'y naghari sa Samaria nang dalawampung taon.

[28]Hindi rin siya naging kalugud-lugod kay Yahweh sapagkat tinularan din niya ang kasamaan ni Jeroboam na anak ni Nebat na siyang umakay sa Israel para magkasala.

[29]Sa panahon ng paghahari ni Peka, ang Israel ay sinalakay ni Haring Tiglat-pileser ng Asiria at nasakop nito ang Ijon, Abel-bet-maaca, Janoa, Kedes, Hazor, Gilead at Galilea at ang buong Neftali; dinala niyang bihag ang lahat ng naninirahan doon.

[30]Nang ikadalawampung taon ng paghahari ni Jotam sa Juda, si Oseas na anak ni Ela ay nakipagsabwatan laban kay Peka. Pinatay niya ito at siya ang humalili bilang hari ng Israel.

[31]Ang iba pang ginawa ni Peka ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel*.

**Ang Paghahari ni Jotam sa Juda**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

32Nang ikalawang taon ng paghahari ni Peka na anak ni Remalias sa Israel, naging hari ng Juda si Jotam na anak ni Azarias.

33Dalawampu't limang taóng gulang siya noon at naghari siya sa Jerusalem sa loob ng labing-anim na taon. Ang kanyang ina ay si Jerusa na anak ni Zadok.

34Siya ay naging kalugud-lugod kay Yahweh sapagkat sinundan niya ang mabuting halimbawa ng kanyang amang si Azarias.

35Gayunman, hindi rin niya ipinagiba ang mga dambana ng mga diyus-diyosan kaya nagpatuloy ang mga tao sa pagdadala ng mga handog at sa pagsusunog ng mga insenso roon. Siya ang nagpatayo ng pintuan sa gawing hilaga ng Templo ni Yahweh.

36Ang iba pang ginawa ni Jotam ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Juda*.

37Nang panahong iyon, ang Juda ay ipinasalakay ni Yahweh kina Resin ng Siria at Peka na anak ni Remalias.

38Namatay si Jotam at inilibing sa lunsod ni David, sa libingan ng kanyang mga ninunong hari. Humalili sa kanya ang anak niyang si Ahaz.

## 2 Mga Hari 16

### Ang Paghahari ni Ahaz sa Juda

(2 Cro. 28:1-27)

1Nang ikalabimpitong taon ng paghahari ni Peka na anak ni Remalias sa Israel, si Ahaz na anak ni Jotam ay naging hari ng Juda.

2Dalawampung taóng gulang siya nang maghari sa Jerusalem. Naghari siya sa loob ng labing-anim na taon. Hindi siya naging kalugud-lugod sa Diyos niyang si Yahweh sapagkat hindi niya sinundan ang mabuting halimbawa ng kanyang ninunong si David,

3sa halip ang sinundan niya ay ang masamang halimbawa ng mga naging hari ng Israel. Ipinasunog pa niya bilang handog ang anak niyang lalaki. Ito'y isang kasuklam-suklam na gawain ng mga bansang pinalayas ni Yahweh sa mga Israelita.

4Nagdala siya ng mga handog at nagsunog ng insenso sa mga dambana ng mga diyus-diyosan, sa mga burol, at sa bawat lilim ng mga punongkahoy.

5Ang Juda ay sinalakay ni Haring Rezin ng Siria at ni Haring Peka ng Israel. Kinubkob nila ang Jerusalem ngunit hindi nila ito magapi.

6Nang panahong iyon, ang Elat ay nabawi ng hari ng Edom; naitaboy nila ang mga taga-Juda. Mula noon, ang mga taga-Edom na ang tumira roon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Samantala, si Ahaz ay nagpadala ng sugo kay Haring Tiglat-pileser ng Asiria at kanyang ipinasabi, "Ako ay tapat mong lingkod. Iligtas mo ako sa mga hari ng Siria at Israel na sumasalakay sa akin."

8Tinipon ni Ahaz ang lahat ng makita niyang pilak at ginto sa Templo ni Yahweh at sa kabang-yaman ng palasyo at ipinadala sa hari ng Asiria.

9Dininig naman ng hari ng Asiria ang panawagan ni Ahaz. Sinalakay nito ang Damasco, dinalang-bihag sa Kir ang mga tagaroon, at pinatay si Haring Rezin.

10Nang magpunta sa Damasco si Ahaz para makipagkita kay Tiglat-pileser na hari ng Asiria, nakita niya ang altar doon. Ipinaguhit niya ang plano nito at ipinadala sa paring si Urias.

11Ginawa naman ni Urias ang altar ayon sa plano ni Haring Ahaz at ito'y ipinatapos niya bago makabalik ang hari.

12Pagdating ng hari mula sa Damasco, pinagmasdan nito ang altar. Nilapitan niya ito, umakyat siya sa mga baytang

13at nagsunog ng handog. Inilagay rin niya rito ang handog na pagkaing butil, ibinuhos ang handog na inumin at iwinisik ang dugo ng handog pangkapayapaan.

14At ang dating altar na tanso sa harap ng Templo ay ipinalipat niya sa gawing hilaga ng bagong altar.

15Sinabi niya sa paring si Urias, "Lahat ng handog ay sa malaking altar: ang handog na hayop sa umaga at ang handog na pagkaing butil sa gabi, ang hayop at butil na handog ng hari pati ang gayunding mga handog ng mga tao, ang handog na inumin ng mga tao, at ang dugo ng lahat ng handog pangkapayapaan at ng mga hain. Ang altar na tanso naman ay gagamitin ko sa paghahandog na kailangan sa pagsangguni sa mga diyos."

16Lahat ng utos ni Haring Ahaz ay sinunod ng paring si Urias.

17Sinira ni Haring Ahaz ang mga patungang tanso at inalis ang mga palangganang naroon. Inalis din niya ang malaking tangke na yari sa tanso sa patungan nitong mga bakang tanso at inilipat sa isang patungang bato.

18Ipinaalis din niya ang trono ng hari sa bulwagan ng Templo at ipinasara ang daanan ng hari papunta sa Templo ni Yahweh upang pagbigyan ang hari ng Asiria.

19Ang iba pang ginawa ni Haring Ahaz ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Juda*.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

20Namatay siya at inilibing sa libingan ng kanyang mga ninunong hari, sa lunsod ni David. Ang anak niyang si Ezequias ang humalili sa kanya bilang hari.

## 2 Mga Hari 17

### Si Haring Oseas ng Israel

1Nang ikalabindalawang taon ng paghahari ni Ahaz sa Juda, naging hari ng Israel si Oseas na anak ni Ela. Siya'y naghari sa Samaria nang siyam na taon.

2Bagama't hindi tulad ng mga hari ng Israel na nauna sa kanya, ginawa rin niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh.

3Sinalakay siya at sinakop ni Haring Salmaneser ng Asiria. Napasailalim sa Asiria ang kanyang kaharian at pinagbuwis taun-taon.

4Natuklasan ni Haring Salmaneser ng Asiria na si Haring Oseas ay hindi tapat sa kanya: ito'y nakipagsabwatan kay Haring So ng Egipto at hindi na nagbayad ng buwis. Kaya, ipinadakip niya si Haring Oseas at ipinabilanggo.

### Ang Pagbagsak ng Samaria

5Nilusob ni Salmaneser ang Israel, at tatlong taóng kinubkob ng mga hukbo ang Samaria.

6Nang ikasiyam na taon ng paghahari ni Oseas, ang Samaria ay sinakop ng hari ng Asiria. Dinala niyang bihag ang mga Israelita sa Asiria at ikinalat sa Hala, ang iba'y sa Ilog Habor, sa Gozan, at sa mga lunsod ng Medes.

7Nangyari ito sa mga Israelita sapagkat nagkasala sila kay Yahweh na kanilang Diyos na naglabas sa kanila sa Egipto, mula sa pagpapahirap ng Faraon na hari ng Egipto. Sumamba rin sila sa ibang mga diyos

8at ginaya ang mga kaugalian ng mga bansang itinaboy ni Yahweh mula sa lupaing sinakop nila. Bukod dito, sumunod sila sa mga kaugaliang pinasimulan ng mga hari ng Israel.

9Sila'y gumawa ng mga bagay na labag sa kalooban ni Yahweh. Pumili sila ng mga sagradong burol sa bawat bayan, mula sa pinakamaliit na nayon hanggang sa pinakamalaking lunsod.

10Naglagay din sila ng mga haligi at mga rebulto ni Ashera sa mga burol at sa bawat lilim ng mga punongkahoy.

11Doon sila nagsusunog ng insenso tulad ng ginagawa ng mga bansang pinalayas ni Yahweh sa mga lupaing sinakop nila. Nagalit si Yahweh sa kanila dahil sa mga kasamaang ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Naglingkod sila sa mga diyus-diyosan na mahigpit na ipinagbabawal ni Yahweh.

13Kahit na binalaan ni Yahweh ang Israel at ang Juda sa pamamagitan ng kanyang mga sugo at mga propeta nang sabihin niya, “Talikuran ninyo ang inyong mga kasamaan at mamuhay kayo ayon sa kautusang ibinigay ko sa inyong mga ninuno sa pamamagitan ng aking mga lingkod na propeta,”

14hindi nila ito pinakinggan. Sa halip, nagmatigas sila tulad ng kanilang mga ninuno na hindi nagtiwala kay Yahweh na kanilang Diyos.

15Itinakwil nila ang kanyang mga utos, sinira ang kasunduang ginawa ni Yahweh sa kanilang mga ninuno, at binaliwala ang mga babala niya sa kanila. Sila'y naglingkod sa mga diyos na walang kabuluhan kaya nawalan din sila ng kabuluhan. Tinularan nila ang mga kaugalian ng mga bansang nakapaligid sa kanila na sa simula pa'y ipinagbawal na ni Yahweh.

16Nilabag nilang lahat ang mga utos ni Yahweh na kanilang Diyos at gumawa ng dalawang guyang metal. Iginawa rin nila ng rebulto ang diyus-diyosang si Ashera. Sinamba nila ang araw, buwan at mga bituin at naglingkod din kay Baal.

17Sinunog nila bilang handog ang kanilang mga anak na lalaki't babae. Sumangguni sila sa mga manghuhula at sa mga nakikipag-ugnay sa espiritu ng mga patay. Nalulong sila sa paggawa ng masama. Dahil dito, labis na napoot sa kanila si Yahweh,

18kaya itinaboy silang lahat mula sa kanyang paningin, maliban sa lipi ni Juda.

19Ngunit hindi rin sumunod ang Juda sa mga utos ni Yahweh na kanilang Diyos at tinularan nila ang mga kaugalian ng Israel.

20Itinakwil ni Yahweh ang lahat ng mga Israelita at pinabayaan niya sila sa malulupit na kaaway hanggang sila'y lubusang malupig.

21Matapos paghiwalayin ni Yahweh ang Israel at ang Juda na kaharian ni David, ginawa ng Israel na hari si Jeroboam na anak ni Nebat. Siya ang nag-udyok sa Israel na talikuran si Yahweh at gumawa ng mga karumal-dumal na kasalanan.

22Tinularan ng Israel ang mga kasamaan ni Jeroboam, at hindi sila nagbago

23kaya itinakwil sila ni Yahweh, tulad ng babala sa kanila ng mga propeta. Ang mga Israelita ay dinalang-bihag sa Asiria kung saan sila ay nanirahan mula noon.

### Nanirahan sa Israel ang mga Taga-Asiria

24Ang Samaria ay pinatirhan ng hari ng Asiria sa mga taga-Babilonia, Cuta, Ava, Hamat at Sefarvaim.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Nang bago pa lamang sila roon, hindi sila sumasamba kay Yahweh kaya
sila'y ipinalusob niya at ipinalapa sa mga leon.

26May nagsabi sa hari ng Asiria, "Hindi alam ng mga taong pinatira mo sa
mga lunsod ng Samaria kung ano ang batas ng diyos doon. Dahil dito, sila'y
ipinakakain niya sa mga leon."

27Kaya, ipinasundo ng hari ng Asiria ang isa sa mga paring kasama ng mga
Israelitang dinalang-bihag, at pinatira sa Samaria upang ituro sa mga tao ang
kautusan ng diyos ng lupaing iyon.

28At ibinalik nga nila sa Samaria ang isa sa mga paring dinalang-bihag at ito
ay nanirahan sa Bethel. Itinuro niya sa mga tao kung paano nila sasambahin
si Yahweh.

29Ngunit ang mga taong pinatira sa Samaria ay nagpatuloy na gumawa ng
kanilang mga diyus-diyosan at inilagay nila ang mga iyon sa mga dambana
sa mga sagradong burol na ginawa ng mga Israelita.

30Si Sucot-benot ang diyos na ginawa ng mga taga-Babilonia; si Nergal ang
ginawa ng mga taga-Cuta; si Asima ang sa mga taga-Hamat;

31si Nibkaz at Tartak ang sa mga taga-Abas; si Adramelec at Anamelec
naman ang sa mga taga-Sefarvaim. Nagsunog sila ng kanilang mga anak
bilang handog sa mga diyus-diyosang ito.

32Sinamba rin ng mga taong ito si Yahweh at sila'y pumili ng iba't ibang uri ng
tao bilang mga pari, at ang mga ito ang naghahandog sa mga dambana sa
mga sagradong burol.

33Ngunit patuloy pa rin sila sa pagsamba sa kanilang mga diyus-diyosan,
tulad ng kaugalian sa mga bansang pinanggalingan nila.

34Simula noon, iyon na ang naging paraan ng kanilang pagsamba. Hindi nila
sinasamba si Yahweh sa tamang paraan. Hindi rin nila sinusunod ang mga
tuntunin at kautusang ibinigay sa mga anak ni Jacob na pinangalanan niyang
Israel.

35Gumawa si Yahweh ng kasunduan sa kanila at inutusan sila na, "Huwag
kayong sasamba sa ibang diyos, ni yuyukod o maglilingkod o maghahandog
sa kanila.

36Ang sasambahin ninyo ay si Yahweh na siyang naglabas sa inyo sa Egipto
sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan. Siya lamang ang inyong
paglilingkuran at hahandugan.

37Susundin ninyong mabuti ang lahat ng mga utos at mga tuntuning ibinigay
sa inyo. Huwag kayong sasamba sa ibang diyos,

38at huwag ninyong kalilimutan ang kasunduang ginawa ko sa inyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

39Si Yahweh lamang ang inyong sambahin at ililigtas niya kayo sa inyong mga kaaway."

40Ngunit ayaw nilang sumunod kundi nagpatuloy sila sa dati nilang mga kaugalian.

41Sumamba nga sila kay Yahweh ngunit sumamba rin sila sa kanilang mga diyus-diyosan. Hanggang ngayo'y ganoon pa rin ang kanilang ginagawa maging ng kanilang mga kaapu-apuhan.

## 2 Mga Hari 18

### Ang Paghahari ni Ezequias sa Juda

(2 Cro. 29:1-2; 31:1)

1Nang ikatlong taon ng paghahari sa Israel ni Oseas na anak ni Ela, naging hari naman ng Juda si Ezequias na anak ni Ahaz.

2Siya'y dalawampu't limang taóng gulang noon at dalawampu't siyam na taon siyang naghari sa Jerusalem. Ang ina niya ay si Abi na anak ni Zacarias.

3Naging kalugud-lugod siya kay Yahweh sapagkat sumunod siya sa mabuting halimbawa ng ninuno niyang si David.

4Ipinagiba niya ang mga dambana sa mga sagradong burol at ipinasira ang mga sinasambang haligi, pati ang rebulto ni Ashera. Dinurog din niya ang tansong ahas na ginawa ni Moises na kung tawagin ay Nehustan sapagkat hanggang sa panahong iyon ay pinagsusunugan pa nila ito ng insenso.

5Nagtiwala si Ezequias kay Yahweh, ang Diyos ng Israel. Wala siyang katulad sa mga naging hari ng Juda, nauna man o sumunod sa kanya.

6Nanatili siyang tapat kay Yahweh at naging masunurin sa kautusang ibinigay ni Yahweh kay Moises

7kaya't pinatnubayan siya ni Yahweh at nagtagumpay siya sa kanyang mga gawain. Naghimagsik siya sa hari ng Asiria at tumangging pasakop dito.

8Natalo niya ang mga Filisteo hanggang sa Gaza at sinakop ang lahat ng bayan sa paligid nito, mula sa pinakamaliit na nayon hanggang sa pinakamalaking lunsod.

### Nasakop ang Samaria

9Nang ikaapat na taon ng paghahari ni Ezequias at ikapito naman ni Oseas sa Israel, kinubkob ni Haring Salmaneser ng Asiria ang Samaria,

10at nasakop ito pagkaraan ng tatlong taóng pagkubkob. Noon ay ikaanim na taon ng paghahari ni Ezequias at ikasiyam naman ni Oseas sa Israel.

11Ang mga Israelita ay binihag ng hari ng Asiria, dinala sa Asiria at pinatira sa Hala, sa Ilog Habor, na nasa Gozan at sa mga lunsod ng Medes.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Nangyari ito sa kanila sapagkat sinuway nila si Yahweh na kanilang Diyos at sinira ang kasunduang ginawa sa kanila sa pamamagitan ni Moises na lingkod ni Yahweh.

### Kinubkob ni Senaquerib ang Jerusalem

(2 Cro. 32:1-19; Isa. 36:1-22)

13Nang ikalabing apat na taon ng paghahari ni Ezequias, sinakop ni Senaquerib na hari ng Asiria ang mga lunsod ng Juda na napapaligiran ng pader.

14Kaya, si Haring Ezequias ng Juda ay nagpadala ng ganitong mensahe kay Haring Senaquerib ng Asiria na noon ay nasa Laquis, “Nagkamali ako. Ibibigay ko sa iyo ang lahat ng hingin mo, huwag mo lang kaming sakupin.” Dahil dito, sila'y hiningan ni Senaquerib ng 10,500 kilong pilak at 1,050 kilong ginto.

15Tinipon ni Ezequias ang lahat ng pilak sa Templo at sa kabang-yaman ng palasyo at ibinigay kay Senaquerib.

16Pati ang mga gintong nakabalot sa mga pinto ng Templo at sa mga poste sa pintuan ay tinuklap niya at ibinigay din sa hari ng Asiria.

17Mula sa Laquis, ang heneral, ang pinuno ng mga lingkod at ang pinuno ng mga tagapagbigay-inumin sa hari, kasama ang maraming kawal, ay sinugo ni Haring Senaquerib kay Haring Ezequias sa Jerusalem. Pagdating doon, humanay sila sa may daluyan ng tubig mula sa tangke sa itaas sa may daan papunta sa lugar na pinagtatrabahuhan ng manggagawa ng tela.

18Nang ipatawag nila ang hari, dumating si Eliakim na anak ni Hilkias at tagapamahala sa palasyo, si Sebna na kalihim ng hari, at si Joa na anak ni Asaf at namamahala sa pagtatago ng mga dokumento.

19Sinabi sa kanila ng isang opisyal ng Asiria, “Sabihin ninyo kay Ezequias na ipinapatanong ng makapangyarihang hari ng Asiria kung ano ang kanyang ipinagmamalaki.

20Sabihin din ninyo sa kanya na ang digmaan ay hindi nakukuha sa salita. Sino ba ang kanyang inaasahan at naghihimagsik siya laban sa makapangyarihang hari ng Asiria?

21Ang Egipto ba na parang baling tungkod na kung hahawakan ay makakasakit?

22Hindi rin niya maaasahan ang tulong ni Yahweh. Hindi ba't ipinagiba na niya ang mga altar nito? Hindi ba't sinabi niya sa mga taga-Juda na sa altar lamang na nasa Jerusalem dapat sumamba?

23Kung gusto niya, bibigyan ko pa siya ng dalawang libong kabayo kung may sapat siyang tauhan na sasakay sa mga ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Kung sa mga karwahe at mangangabayo ng Egipto siya aasa, paano niya malalabanan kahit na ang pinakamahinang kawal ng aming hari?

25Huwag niyang isiping hindi alam ni Yahweh na ako'y naparito upang wasakin ang Jerusalem. Siya pa nga ang maysabi sa aking salakayin ko ito at wasakin."

26Sinabi nina Eliakim, Sebna at Joa sa opisyal ng Asiria, "Nakikiusap kami sa inyo na sa wikang Arameo na lamang ninyo kami kausapin sapagkat naiintindihan din namin ito. Huwag ninyo kaming kausapin sa wikang Hebreo sapagkat nakikinig ang aming mga kababayan na nakatira sa tabi ng pader ng lunsod."

27Ngunit sinabi ng opisyal, "Ito'y hindi lamang ipinapasabi ng aming panginoon sa inyo at sa inyong hari kundi pati sa inyong mga kababayan, sapagkat pare-pareho kayong kakain ng inyong dumi at iinom ng inyong ihi."

28Tumayo ang opisyal at sumigaw sa wikang Hebreo, "Ipinapasabi sa inyo ng makapangyarihang hari ng Asiria,

29na huwag ninyong paniwalaan si Ezequias! Hindi niya kayo maipagtatanggol laban sa aming hari.

30Huwag kayong maniniwala sa kanya kahit sabihin sa inyo na ililigtas kayo ni Yahweh, at ang lunsod na ito ay hindi masasakop ng hari ng Asiria.

31Huwag ninyong papakinggan si Ezequias. Ipinapasabi pa ng hari ng Asiria na sumuko na kayo at makipagkasundo sa kanya. At makakain ninyo ang bunga ng inyong mga ubasan at mga punong igos. Iinom din kayo ng tubig sa inyong mga balon,

32hanggang sa mailipat ko kayo sa isang lupaing tulad ng inyong lupain na sagana sa butil at alak, sa tinapay at bungangkahoy sa mga olibo, langis at pulot. Ang piliin ninyo'y buhay at hindi kamatayan. Huwag ninyong paniwalaan si Ezequias kahit sabihin niyang ililigtas kayo ni Yahweh.

33Mayroon na bang diyos ng alinmang bansa ang nakapagligtas sa kanila mula sa kapangyarihan ng hari ng Asiria?

34Ang Samaria ba'y nailigtas ng mga diyos ng Hamat, ng Arpad, ng Sefarvaim, ng Hena at ng Iva nang lusubin ito ng aming hari?

35Kung ang bayan nila'y hindi nailigtas ng mga diyos na iyon laban sa aming hari, paano ngang maililigtas ni Yahweh ang Jerusalem?"

36Hindi sumagot kahit isang salita ang mga tao sapagkat iyon ang bilin ni Haring Ezequias.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

37Pinunit nina Sebna, Joa at Eliakim na anak ni Hilkias ang kanilang kasuotan
at nagbalik kay Ezequias. Isinalaysay nila sa hari ang sinabi sa kanila ng
opisyal ng Asiria.

## 2 Mga Hari 19

### Sumangguni si Ezequias kay Isaias
(Isa. 37:1-7)

1Nang marinig ni Ezequias ang ipinapasabi ni Haring Senaquerib ng Asiria,
pinunit niya ang kanyang kasuotan. Nagsuot siya ng damit-sako at pumasok
sa Templo.

2Pinagsuot din niya ng damit-sako si Eliakim na tagapamahala sa palasyo,
ang kalihim niyang si Sebna at ang matatandang pari at pinapunta kay
propeta Isaias na anak ni Amoz.

3Ipinasabi niya, “Ngayon ay araw ng kahirapan, kaparusahan at kahihiyan.
Para tayong mga batang dapat nang isilang ngunit hindi mailabas sapagkat
ang ina nito'y wala nang lakas.

4Narinig sana ng Diyos mong si Yahweh ang lahat ng sinabi ng opisyal na
sinugo ni Haring Senaquerib ng Asiria upang laitin ang Diyos na buháy.
Parusahan nawa ni Yahweh na iyong Diyos ang mga lumait sa kanya. Kaya,
ipanalangin mo ang mga nalalabi pa sa bayan ng Diyos.”

5Pagdating ng mga inutusan ng hari,

6sinabi ni Isaias sa mga ito, “Sabihin ninyo sa inyong hari na ipinapasabi ni
Yahweh na huwag siyang matakot sa mga panlalait ng hari ng Asiria.

7Magpapadala si Yahweh ng masamang balita sa hari ng Asiria at ito'y
babalik sa kanyang lupain at doon na siya ipapapatay ni Yahweh.”

### Muling Nagbanta ang Hari ng Asiria
(Isa. 37:8-20)

8Umuwi na ang opisyal ng Asiria nang mabalitaan niya na umalis na sa
Laquis ang hari ng Asiria. Nang siya'y makabalik, nadatnan niya na
sinasalakay nito ang Libna.

9Dumating noon ang balita sa hari ng Asiria na sila'y lulusubin ni Haring
Tirhaka ng Etiopia kaya nagsugo siya uli kay Ezequias at ipinasabi ang
ganito:

10“Huwag mo nang dayain ang iyong sarili na sa pamamagitan ng pananalig
mo sa iyong Diyos ay maliligtas ang Jerusalem sa kamay ng hari ng Asiria.

11Alam mo naman kung paano natalo ng mga naunang hari ng Asiria ang
ibang lupain. Hindi ka rin makakaligtas sa akin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Nailigtas ba ng kanilang mga diyos ang Gozan, ang Haran, ang Rezef at ang mga taga-Eden sa Telasar na tinalo ng aking mga ninuno?

13Nasaan ang mga hari ng Hamat, Arpad, Sefarvaim, Hena o Iva?"

14Binasa ni Ezequias ang sulat na ibinigay sa kanya ng mga sugo ni Senaquerib. Pagkatapos, pumasok siya sa Templo at inilatag ang sulat sa harapan ni Yahweh.

15Nanalangin si Ezequias ng ganito: "Yahweh, Diyos ng Israel na nakaluklok sa trono sa ibabaw ng mga kerubin. Kayo lamang ang Diyos sa lahat ng kaharian sa ibabaw ng lupa. Kayo ang lumikha ng langit at lupa.

16Pakinggan po ninyo ako, Yahweh. Narinig ninyo ang pag-alipusta ni Senaquerib sa inyo, Diyos na buháy.

17Alam po namin, Yahweh, na marami nang bansang winasak ang mga hari ng Asiria.

18Nagawa nilang sunugin ang mga diyos ng mga bansang iyon sapagkat hindi naman talagang Diyos ang mga iyon kundi mga kahoy at batong inanyuan ng mga tao.

19Kaya ngayon, Yahweh, iligtas po ninyo kami kay Senaquerib para malaman ng buong daigdig na kayo lamang ang kaisa-isang Diyos."

**Ang Mensahe ni Isaias para kay Haring Ezequias**

(Isa. 37:21-38)

20Nagpadala ng sugo si Isaias kay Ezequias at ipinasabi ang ganito: "Ipinapasabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, na narinig niya ang panalangin mo tungkol sa hari ng Asiria.

21Ito naman ang sinasabi ni Yahweh tungkol kay Senaquerib: 'Pinagtatawanan ka, Senaquerib, ng anak ng Zion; kinukutya ka at nililibak! Inaalipusta ka ng lunsod ng Jerusalem.

22"'Sino ba ang iyong nilalait at pinagtatawanan, at hinahamak ng iyong pagsigaw? Hindi mo na ako iginalang, ang Banal na Diyos ng Israel!

23Ang paghamak mo kay Yahweh ay ipinahayag ng iyong mga sugo. Ang ipinagmamalaki mo'y maraming karwahe, na kayang akyatin ang matataas na bundok ng Lebanon. Pinagpuputol mo ang malalaking sedar at mga piling sipres doon; napasok mo rin ang liblib na lugar, makapal na gubat ay iyong ginalugad.

24Humukay ka ng maraming balon, tubig ng dayuhan ay iyong ininom. Ang lahat ng batis sa bansang Egipto ay pawang natuyo nang matapakan mo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25“‘Tila hindi mo pa nababalitaan ang aking balak noon pa mang araw? Ang
lahat ng iyon ngayo'y nagaganap matitibay na lunsod na napapaligiran ng
pader, napabagsak mong lahat at ngayo'y bunton ng pagkawasak.

26Ang mga nakatira sa mga nasabing bayan, pawang napahiya at ang lakas
ay naparam. Ang kanilang katulad at kabagay ay halamang lanta na
sumusupling pa lamang, natuyong damo sa ibabaw ng bubong.

27“‘Lahat ng ginagawa mo'y aking nalalaman, ang pinagmulan mo at
patutunguhan. Hindi na rin lingid ang iyong isipan, alam kong sa akin ika'y
nasusuklam.

28Dahil sa matinding poot mo sa akin, at kahambugan mong sa aki'y di lihim,
ang ilong mong iya'y aking tatalian at ang iyong bibig, aking bubusalan,
ibabalik kita sa iyong pinagmulan.’”

29Sinabi ni Isaias, “Haring Ezequias, ito ay magiging isang palatandaan para
sa iyo: Sa taóng ito, ang kakainin mo'y bunga ng mga supling ng pinag-
anihan. At sa susunod na taon ay mga bunga rin noon. Ngunit sa ikatlong
taon, maghasik kayo at mag-ani, magtanim ng ubas at kainin ang mga bunga
niyon.

30At ang mga natirang buháy sa sambahayan ni Juda, ay muling dadami,
mag-uugat at mamumunga nang sagana.

31May makakaligtas sa Jerusalem, may matitirang buháy sa Zion. Sapagkat
ito ang gustong mangyari ni Yahweh.”

32Ito naman ang sinasabi ni Yahweh tungkol sa hari ng Asiria: “Hindi siya
makakapasok sa lunsod na ito ni makakatudla kahit isang palaso. Hindi niya
ito malulusob ni mapapaligiran.

33Kung paano siya dumating, ganoon din siya aalis. Hindi niya masasakop
ang lunsod na ito.

34Ipagtatanggol ko at ililigtas ang lunsod na ito alang-alang sa aking
karangalan at alang-alang sa aking pangako kay David na aking lingkod.”

35Nang gabing iyon, pinasok ng anghel ni Yahweh ang kampo ng mga taga-
Asiria at 185,000 kawal ang pinatay nito. Kinabukasan, nang bumangon ang
mga hindi napatay, nakita nilang naghambalang ang mga bangkay.

36Kaya nagmamadaling umuwi sa Nineve si Haring Senaquerib.

37Minsan, nang si Senaquerib ay nananalangin sa templo ng diyos niyang si
Nisroc, pinatay siya sa pamamagitan ng tabak ng dalawa niyang anak na sina
Adramelec at Sarezer. Pagkatapos, nagtago ang mga ito sa lupain ng Ararat.
At si Ezarhadon ang humalili sa kanyang amang si Haring Senaquerib.

## 2 Mga Hari 20

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Nagkasakit si Ezequias
(Isa. 38:1-8, 21-22; 2 Cro. 32:24-26)

1 Nang panahong iyon, nagkasakit nang malubha si Haring Ezequias. Dinalaw siya ng propetang si Isaias na anak ni Amoz at sinabi sa kanya, “Ipinapasabi ni Yahweh na ayusin mo na ang iyong kaharian sapagkat malapit ka nang mamatay. Hindi ka na gagaling sa sakit mong iyan.”

2 Humarap si Haring Ezequias sa dingding at nanalangin kay Yahweh,

3 “Alalahanin po sana ninyo, Yahweh, na namuhay akong tapat sa inyo. Buong puso ko pong ginawa ang lahat ng bagay ayon sa iyong kagustuhan.” At buong kapaitang umiyak si Ezequias.

4 Hindi pa nakakalayo si Isaias sa gitnang bulwagan ng palasyo nang sabihin sa kanya ni Yahweh,

5 “Bumalik ka. Sabihin mo kay Ezequias, ang hari ng aking bayan, ‘Narinig ko ang iyong panalangin at nakita ko ang iyong pagluha. Kaya, pagagalingin kita. Sa ikatlong araw, makakapasok ka na sa Templo.

6 Mabubuhay ka pa ng labinlimang taon. Hindi lamang iyan, ililigtas pa kita at ang lunsod na ito sa kamay ng hari ng Asiria. Ipagtatanggol ko ang lunsod na ito alang-alang sa aking karangalan at sa aking pangako kay David na aking lingkod.’”

7 Pagbalik ni Isaias kay Ezequias, iniutos niya sa mga katulong ng hari na tapalan ng katas ng igos ang bukol ng hari upang ito'y gumaling. Ginawa nga nila iyon at siya'y gumaling.

8 Itinanong ni Ezequias kay Isaias, “Ano ang palatandaan na pagagalingin ako ni Yahweh at makakapasok na ako sa Templo pagkalipas ng tatlong araw?”

9 Sumagot si Isaias, “Alin ang mas gusto mong palatandaang ibibigay sa iyo ni Yahweh: ang aninong bumababa o umaakyat ng sampung baytang?”

10 Sumagot si Ezequias, “Madali sa anino ang umakyat kaysa bumabâ ng sampung baytang. Pababain mo ito ng sampung baytang.”

11 Nanalangin si Isaias kay Yahweh at ang anino'y bumabâ ng sampung baytang sa hagdanang inilagay ni Ahaz.

### Dinalaw si Ezequias ng mga Sugo ng Hari sa Babilonia
(Isa. 39:1-8)

12 Nabalitaan ni Merodac-Baladan, hari ng Babilonia at anak ni Baladan, na may sakit si Ezequias kaya sinulatan niya ito at pinadalhan ng regalo.

13 Ang mga sugo ni Merodac-Baladan ay malugod namang tinanggap ni Ezequias. Ipinakita pa niya sa mga ito ang kayamanan ng kanyang kaharian: ang mga pilak, ginto, pabango, mamahaling langis, ang kanyang mga

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

kasangkapang pandigma at lahat ng nasa kanyang taguan; wala siyang hindi ipinagmalaki sa kanila.

14Pagkatapos, nilapitan siya ng propetang si Isaias at tinanong, “Tagasaan ba sila at ano ang sinabi nila sa iyo?” “Galing sila sa isang malayong lupain, sa Babilonia,” sagot ni Ezequias.

15“Ano ba ang nakita nila sa iyong palasyo?” tanong uli ni Isaias. “Ipinakita ko sa kanila ang lahat ng narito. Wala akong inilihim,” sagot ni Ezequias.

16Sinabi ni Isaias, “Pakinggan mo itong ipinapasabi ni Yahweh:

17‘Darating ang araw na ang lahat ng nasa palasyo mo, pati ang tinipong kayamanan ng iyong mga ninuno ay dadalhin sa Babilonia. Walang maiiwan dito.

18Pati ang ilan sa iyong mga anak na lalaki ay kukunin at gagawing mga eunuko sa palasyo ng hari ng Babilonia.’”

19Sinabi ni Ezequias, “Maganda naman pala ang ipinapasabi ni Yahweh sa akin.” Sinabi niya iyon dahil ang akala niya ay mananatili ang kapayapaan at katiwasayan habang siya'y nabubuhay.

### Ang Pagkamatay ni Ezequias

(2 Cro. 32:32-33)

20Ang iba pang ginawa ni Ezequias, pati ang pagpapagawa ng tipunan at daanan ng tubig papunta sa lunsod ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Juda*.

21Namatay siya at inilibing na kasama ng kanyang mga ninuno. Ang anak niyang si Manases ang humalili sa kanya bilang hari.

## 2 Mga Hari 21

### Ang Paghahari ni Manases sa Juda

(2 Cro. 33:1-20)

1Si Manases ay labindalawang taóng gulang nang maging hari ng Juda. Naghari siya sa Jerusalem sa loob ng limampu't limang taon. Ang kanyang ina ay si Hefziba.

2Hindi rin siya naging kalugud-lugod kay Yahweh sapagkat tinularan niya ang mga kasuklam-suklam na gawain ng mga bansang pinalayas ni Yahweh sa mga Israelita.

3Itinayo niyang muli ang mga dambana sa mga burol na ipinagiba ng ama niyang si Ezequias. Ipinagpagawa pa niya ng altar si Baal at ng rebulto si Ashera tulad ng ginawa ni Haring Ahab ng Israel. Sumamba rin si Manases sa mga bituin sa langit.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Nagpagawa pa siya ng maraming altar sa Templo sa Jerusalem, ang lugar na pinili ni Yahweh na kung saan siya'y dapat sambahin.

5Sa dalawang bulwagan sa Templo, nagpagawa siya ng tig-isang altar para sa pagsamba sa mga bituin.

6Sinunog rin niya ang anak niyang lalaki bilang handog. Sumangguni siya sa iba't ibang espiritu, sa mga salamangkero, sa mga kumakausap sa mga espiritu ng mga namatay na at sa mga manghuhula. Napakalaki ng kasamaang ginawa niya laban kay Yahweh kaya ito'y nagalit sa kanya.

7Ang ipinagawa niyang rebulto ni Ashera ay ipinasok niya sa Templong tinutukoy ni Yahweh nang sabihin nito kina David at Solomon: “Sa Templong ito at sa Jerusalem na aking pinili mula sa labindalawang lipi ng Israel, ang lugar na ito ay pinili ko upang ako'y sambahin magpakailanman.

8Pananatilihin ko sila sa lupaing ibinigay ko sa kanilang mga ninuno kung susundin nila ang mga utos na ibinigay ko sa kanila sa pamamagitan ng aking lingkod na si Moises.”

9Ngunit hindi sila nakinig, sa halip ay sumunod sila kay Manases sa paggawa ng mga bagay na higit na masama sa ginawa ng mga bansang ipinataboy sa kanila ni Yahweh.

10Sa pamamagitan ng mga propetang lingkod ni Yahweh ay sinabi niya,

11“Dahil sa kasuklam-suklam na mga bagay na ginawa ni Manases na hari ng Juda, na higit pa sa kasamaan ng mga Amoreo, at dahil sa pangunguna niya sa Juda upang sumamba sa mga diyus-diyosan,

12paparusahan ko nang matindi ang Juda at ang Jerusalem. Mababalitaan ito ng mga iba at sila'y kikilabutan.

13Paparusahan ko ang Jerusalem tulad ng ginawa ko sa Samaria at sa sambahayan ni Ahab. Aalisin ko ang mga tao sa Jerusalem tulad ng paglilinis sa pinggan. Pupunasan ko ito at pagkatapos ay itataob.

14Itatakwil ko ang matitirang buháy sa kanila at ipapasakop sa kanilang mga kaaway.

15Gagawin ko ito dahil sa kanilang kasamaan mula pa nang iligtas ko ang kanilang mga ninuno sa kamay ng mga Egipcio.”

16Bukod sa pangunguna sa Juda sa paggawa ng mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh, napakarami pang taong walang sala ang ipinapatay ni Manases at halos napuno ng dugo ang mga lansangan sa Jerusalem.

17Ang iba pang ginawa ni Manases, pati ang kanyang kasamaan, ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Juda*.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Nang siya'y mamatay, inilibing siya sa hardin ng kanyang palasyo, ang hardin ni Uza. Ang anak niyang si Ammon ang humalili sa kanya bilang hari.

### Ang Paghahari ni Ammon sa Juda

(2 Cro. 33:21-25)

19Dalawampu't dalawang taóng gulang si Ammon nang maging hari ng Juda at siya'y naghari sa Jerusalem sa loob ng dalawang taon. Ang ina niya ay si Mesulemet na anak ni Haruz, isang taga-Jotba.

20Katulad ng kanyang amang si Manases, ginawa rin ni Ammon ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh.

21Tulad ng kanyang ama, naglingkod at sumamba rin siya sa mga diyus-diyosan,

22tinalikuran niya si Yahweh, ang Diyos ng kanyang mga ninuno, at sinuway ang mga utos nito.

23Ang mga tauhan niya mismo ang nagkaisang pumaslang sa kanya sa loob ng palasyo.

24Ngunit ang mga ito ay pinatay naman ng mga taong-bayan. Pagkatapos, ginawa nilang hari si Josias na anak ni Ammon.

25Ang iba pang ginawa ni Ammon ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Juda*.

26Inilibing si Ammon sa halamanan ni Uza at ang anak niyang si Josias ang humalili sa kanya bilang hari.

## 2 Mga Hari 22

### Si Haring Josias ng Juda

(2 Cro. 34:1-2)

1Si Josias ay walong taóng gulang nang maging hari ng Juda. Tatlumpu't isang taon siyang naghari sa Jerusalem. Ang ina niya ay si Jedida na anak ni Adaya na taga-Boskat.

2Naging kalugud-lugod siya kay Yahweh sapagkat sinundan niya ang halimbawa ng ninuno niyang si David na buong katapatang sumunod sa mga utos ng Diyos.

### Natagpuan ang Aklat ng Kautusan

(2 Cro. 34:8-28)

3Nang ikalabing walong taon ng paghahari ni Josias, inutusan niya ang kalihim niyang si Safan na anak ni Azalias at apo ni Mesulam na pumunta sa Templo. Ang utos niya,

4“Pumunta ka kay Hilkias na pinakapunong pari at alamin mo kung magkano na ang salapi sa kabang-yaman na nalilikom ng mga bantay-pintuan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Pagkatapos, ipabigay mo sa namamahala sa Templo upang ibayad sa

6mga karpintero, mga manggagawa at mga kantero. Dapat din silang bumili ng kahoy at batong gagamitin sa pagpapaayos ng Templo.

7Hindi na nila kailangang magbigay ng ulat tungkol sa nagastos sapagkat sila'y taong matatapat."

8Pagdating ni Safan sa Templo, sinabi sa kanya ng pinakapunong paring si Hilkias, "Natagpuan ko sa Templo ni Yahweh ang aklat ng Kautusan." Ibinigay niya ito kay Safan at binasa naman nito.

9Nang matupad na ang iniutos sa kanya, nagbalik siya sa hari at iniulat na nabilang na ang salapi sa Templo at naibigay na sa mga namamahala sa pagpapaayos ng Templo.

10Sinabi pa niya, "Ako'y binigyan ni Hilkias ng isang aklat." At binasa niya ito sa hari.

11Nang marinig ng hari ang nilalaman ng aklat, pinunit niya ang kanyang kasuotan.

12Pinulong niya sina Hilkias na pari, si Ahikam na anak ni Safan, si Akbor na anak ni Mikaias, ang kalihim na si Safan, at si Asaias na tauhan ng hari. Sinabi niya,

13"Sumangguni kayo kay Yahweh alang-alang sa akin at sa buong Juda tungkol sa nilalaman ng aklat na ito. Matindi ang galit ni Yahweh sa atin dahil sa pagsuway ng ating mga ninuno sa mga ipinag-uutos sa aklat na ito."

14Ang paring si Hilkias at sina Ahikam, Akbor, Safan at Asaias ay nagpunta nga sa isang babaing propeta na nagngangalang Hulda na asawa ni Sallum, anak ni Tikva na anak ni Harhas, ang tagapag-ingat ng mga kasuotan ng mga pari. Siya ay sa ikalawang purok ng Jerusalem nakatira.

15Ang sabi niya, "Ito ang ipinapasabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, sa nagsugo sa inyo rito:

16'Ang lahat ng parusang nabasa ng hari sa aklat na ito ay ibabagsak ko sa bayang ito at sa lahat ng mamamayan.

17Matindi ang galit ko laban sa bayang ito sapagkat tinalikuran nila ako, at sila'y sumamba sa mga diyus-diyosan.

18Ito naman ang sabihin mo sa hari ng Juda na nagsugo sa inyo rito:

19Narinig ko ang iyong pagtangis nang malaman mo ang sumpa at parusang igagawad ko sa bayang ito. Nakita ko ang pagsisisi mo, ang iyong pagpapakababa sa harapan ko, pati ang pagpunit mo sa iyong kasuotan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

20Dahil dito, hindi mo mararanasan ang pagpapahirap na gagawin ko sa bayang ito. Mamamatay kang mapayapa sa piling ng iyong mga ninuno.'" Ang lahat ng ito'y sinabi nila sa hari.

# 2 Mga Hari 23

### Ang mga Reporma ni Josias

(2 Cro. 34:3-7, 29-33)

1Ipinatawag ni Haring Josias ang lahat ng matatandang pinuno ng Juda at Jerusalem,

2at sila'y pumunta sa Templo ni Yahweh, kasama ang mga pari, mga propeta at ang lahat ng taga-Jerusalem at Juda, mayaman at dukha. Pagdating doon, ipinabasa niya ang aklat ng kasunduan na natagpuan sa Templo.

3Pagkabasa, tumayo sa tabi ng haligi ang hari at nanumpang susunod sa kautusan ni Yahweh, at sa lahat ng tuntunin nito. Ang lahat ng naroon ay nakiisa sa hari sa panunumpa nito sa kasunduang ginawa ni Yahweh.

4Ang lahat ng kagamitan sa loob ng Templo na may kaugnayan kay Baal, kay Ashera at sa mga bituin ay ipinalabas ng hari kay Hilkias, ang pinakapunong pari, gayundin sa mga katulong na pari at sa mga bantay ng Templo. Ipinasunog niya ang mga iyon sa labas ng Jerusalem, sa Libis ng Kidron, at dinala sa Bethel ang abo.

5Pinaalis niya ang mga paring itinalaga ng mga unang hari ng Juda upang magsunog ng insenso sa mga dambana ng mga diyus-diyosan sa Juda at sa palibot ng Jerusalem. Pinalayas din niya ang mga paring nagsusunog ng insenso para kay Baal, para sa araw, buwan at mga bituin sa langit.

6Ang rebulto ni Ashera ay ipinalabas niya sa Templo at ipinadala sa labas ng Jerusalem, sa Libis ng Kidron at doon ipinasunog. Pagkatapos, ipinadurog niya ang uling niyon at ipinasabog sa libingan ng mga karaniwang tao.

7Ipinagiba rin niya ang tirahan ng mga lalaki at babaing nagbebenta ng panandaliang-aliw sa templo bilang pagsamba kung saan hinahabi rin ng mga babae ang mga toldang ginagamit sa pagsamba sa diyus-diyosang si Ashera.

8Tinipon ni Josias sa Jerusalem ang lahat ng pari ng mga dambana ng mga diyus-diyosan sa gawing kaliwa ng pintuan ng tirahan ni Josue, na gobernador ng lunsod.

9Ngunit ang mga paring naglingkod sa mga dambana ng mga diyus-diyosan ay hindi pinayagang maghandog sa altar ni Yahweh. Nakisalo na lamang sila sa kapwa nila pari sa Jerusalem sa pagkain ng tinapay na walang pampaalsa.

10Ipinagiba rin niya ang dambana sa Libis ng Ben Hinom upang wala nang makapagsunog ng kanilang anak bilang handog kay Molec.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Ipinaalis niya sa pintuang papasok sa Templo ang mga kabayong inilaan ng mga naging hari ng Juda para sa pagsamba sa araw. Ang mga ito'y nasa tabi ng tirahan ng opisyal na si Natan-melec, sa bulwagang nasa may likod ng templo. Pagkatapos ipinasunog niya ang mga karwaheng ginagamit sa pagsamba sa araw.

12Ang mga altar na ipinagawa ng mga naging hari ng Juda sa kaitaasang palapag ng tirahan ni Ahaz, pati ang mga altar na ipinagawa ni Manases sa magkabilang bulwagan ng Templo ay ipinagiba niya at ipinatapon sa Libis ng Kidron ang mga dinurog na bato.

13Ipinagiba rin niya ang mga altar sa silangan ng Jerusalem sa gawing timog ng Bundok ng mga Olibo. Ang mga ito'y ipinagawa ni Haring Solomon ng Israel para sa mga kasuklam-suklam na mga diyus-diyosan: para kay Astoret, ang diyosa ng mga Sidonio, para kay Quemos, ang diyos ng mga Moabita, at para kay Milcom, ang diyos ng mga Ammonita.

14Ipinagiba rin niya ang mga rebultong bato at mga sagradong haligi, at ang mga lugar na pinag-alisan sa mga ito ay pinatambakan niya ng kalansay ng mga tao.

15Ipinagiba rin niya ang dambana sa Bethel na ipinagawa ni Jeroboam na anak ni Nebat na nanguna sa Israel upang magkasala. Ipinadurog din niya ang mga bato at ipinasunog ang rebulto ni Ashera.

16Nang makita niya ang libingan sa isang bundok sa di-kalayuan, ipinahukay niya ang mga kalansay doon at ipinasunog sa dating kinatatayuan ng mga altar upang hamakin ang mga ito. Ang lahat ng ito'y ginawa ayon sa salita ni Yahweh na ipinahayag sa pamamagitan ng kanyang propeta.

17Nang makita niya ang isang puntod, itinanong niya, “Kaninong puntod iyon?” “Puntod po iyon ng propetang mula sa Juda. Siya po ang nagpahayag noon ng tungkol sa pagwasak na ginawa ninyo ngayon sa altar sa Bethel,” sagot ng mga tagaroon.

18Sinabi niya, “Kung ganoon, huwag ninyong gagalawin ang kanyang kalansay.” Kaya hindi nila ginalaw ang mga buto niyon pati ang kalansay ng propeta mula sa Samaria.

19Pati ang mga dambana ng mga diyus-diyosan sa mga lunsod ng Samaria na ipinagawa ng mga naging hari ng Israel at siyang naging dahilan ng galit ni Yahweh ay ipinagiba ni Haring Josias. Ginawa rin niya rito ang ginawa niya sa Bethel.

20Pinatay niya ang mga paring naglilingkod sa mga altar ng mga diyus-diyosan. Pinatambakan din niya ng kalansay ng mga tao ang mga altar at sinunog. Pagkatapos bumalik siya sa Jerusalem.

### Ipinagdiwang ni Josias ang Paskwa

(2 Cro. 35:1-19)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Ipinag-utos ni Haring Josias sa mga tao, “Ipagdiwang natin ang Paskwa ni Yahweh, ayon sa nakasulat sa aklat ng tipan.”

22Sapagkat mula pa sa panahon ng mga hukom ay wala pang hari sa Juda at sa Israel na nagdiwang ng Paskwa.

23Ngunit nang ikalabing walong taon ng paghahari ni Josias, ipinagdiwang sa Jerusalem ang Paskwa ni Yahweh.

### Iba Pang mga Repormang Ginawa ni Josias

24Pinaalis ni Josias ang mga sumasangguni sa mga espiritu ng namatay na, ang mga manghuhula, ang mga diyus-diyosan at ang lahat ng kasuklam-suklam na mga bagay sa buong Juda at Jerusalem bilang pagtupad sa mga kautusang nasa aklat na natagpuan ni Hilkias sa Templo.

25Sa mga haring nauna sa kanya at maging sa mga sumunod ay walang maitutulad sa kanyang katapatan kay Yahweh. Pinaglingkuran niya si Yahweh nang buong puso, buong kaluluwa at buong lakas at sumunod sa buong Kautusan ni Moises.

26Ngunit hindi pa rin napawi ang matinding galit ni Yahweh sa Juda dahil sa mga kasamaang ginawa ni Manases.

27Kaya't sinabi ni Yahweh, “Itatakwil ko ang Juda tulad ng ginawa ko sa Israel. Ganoon din ang gagawin ko sa Lunsod ng Jerusalem na aking pinili, pati sa Templong sinabi ko na doo'y sasambahin ang aking pangalan.”

### Ang Pagwawakas ng Paghahari ni Josias

(2 Cro. 35:20–36:1)

28Ang iba pang ginawa ni Josias ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Juda*.

29Nang panahong iyon, ang bahagi ng Asiria sa gawing Ilog Eufrates ay sinalakay ni Neco na Faraon ng Egipto. Sumaklolo si Haring Josias sa hari ng Asiria, ngunit napatay siya sa Megido.

30Ang kanyang bangkay ay kinuha ng kanyang mga kasama at inilibing sa kanyang libingan sa Jerusalem. At si Jehoahaz na anak niya ang pinili ng mga taong-bayan bilang hari, kapalit ng kanyang ama.

### Si Haring Jehoahaz ng Juda

(2 Cro. 36:2-4)

31Si Jehoahaz ay dalawampu't tatlong taóng gulang nang maging hari ng Juda. Tatlong buwan lamang siyang naghari sa Jerusalem. Ang ina niya ay si Hamutal na anak ni Jeremias na taga-Libna.

32Hindi siya naging kalugud-lugod kay Yahweh sapagkat tinularan niya ang masasamang halimbawa ng kanyang mga ninuno.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

33Ikinulong siya ng Faraon Neco ng Egipto sa Ribla, sa lupain ng Hamat at ang Juda'y hiningan niya ng buwis na 3,500 kilong pilak at 35 kilong ginto.

34Inilagay ni Neco si Eliakim na anak ni Josias bilang hari at pinalitan niya ng Jehoiakim ang pangalan nito. Si Jehoahaz naman ay dinalang-bihag sa Egipto at doon na ito namatay.

**Si Haring Jehoiakim ng Juda**
(2 Cro. 36:5-8)

35Si Haring Jehoiakim ng Juda ay nagbabayad ng buwis na pilak at ginto kay Neco. Kaya't pinatawan niya ng buwis ang buong bayan ayon sa makakaya ng bawat isa upang may maibigay siya kay Neco.

36Si Jehoiakim ay dalawampu't limang taóng gulang nang maghari sa Jerusalem at ito'y tumagal nang labing-isang taon. Ang kanyang ina ay si Zebida na anak ni Pedaias na taga-Ruma.

37Tulad ng masamang halimbawa ng kanyang mga ninuno, ginawa rin niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh.

## 2 Mga Hari 24

1Sa panahon ng paghahari ni Jehoiakim, ang Juda ay sinakop ni Haring Nebucadnezar ng Babilonia. Tatlong taon siyang nagpasakop sa Babilonia at pagkatapos ay naghimagsik laban kay Nebucadnezar.

2At tulad ng sinabi ni Yahweh sa pamamagitan ng kanyang mga propeta, ipinalusob niya ang mga taga-Juda sa mga taga-Babilonia, sa mga taga-Siria, sa mga Moabita at mga Ammonita.

3Niloob ni Yahweh na mapalayas ang mga taga-Juda dahil sa kasamaang ginawa ni Manases,

4at sa pagpatay nito sa napakaraming taóng walang kasalanan. Halos bumaha ng dugo sa buong Jerusalem, at dahil dito ay hindi siya mapatawad ni Yahweh.

5Ang lahat ng ginawa ni Jehoiakim ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Juda*.

6Nang siya'y mamatay, ang anak niyang si Jehoiakin ang humalili sa kanya bilang hari.

7Hindi na muling lumabas ng kanyang bansa ang hari ng Egipto noon sapagkat lahat ng sakop niya ay sinakop na ng hari ng Babilonia, mula sa Batis ng Egipto hanggang sa Ilog Eufrates.

**Ang Paghahari ni Jehoiakin sa Juda**
(2 Cro. 36:9-10)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Si Jehoiakin ay labingwalong taóng gulang nang maghari sa Jerusalem at ito'y tumagal nang tatlong buwan. Ang kanyang ina ay si Nehusta na anak ni Elnatan na taga-Jerusalem.

9Tulad ng kanyang ama, ginawa rin niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh.

10Nang panahong iyon, ang Jerusalem ay kinubkob ng mga kawal ni Haring Nebucadnezar ng Babilonia.

11Habang ang mga kawal ng Babilonia ay nakapaligid sa lunsod, dumating si Haring Nebucadnezar.

12At sumuko sa kanya si Haring Jehoiakin, pati ang ina nito, mga katulong, mga pinuno at lahat ng tauhan sa palasyo. Binihag sila ni Nebucadnezar noong ikawalong taon ng paghahari nito.

13Sinamsam pa niyang lahat ang kayamanan sa palasyo at sa Templo. At tulad ng babala ni Yahweh, sinira ni Nebucadnezar ang mga kagamitang ginto na ipinagawa ni Solomon para sa Templo.

14Dinala niyang bihag ang lahat ng taga-Jerusalem: ang mga pinuno, mga kawal, mga dalubhasa at mga panday. Lahat-lahat ay umabot sa sampung libo. Wala silang itinira liban sa mga dukha.

15Tinangay nga ni Nebucadnezar sa Babilonia si Jehoiakin, ang ina nito, mga asawa, mga pinuno at lahat ng pangunahing mamamayan sa Jerusalem.

16Dinala rin niya sa Babilonia ang may pitong libong kawal at ang sanlibong mahuhusay na manggagawa at panday na pawang malalakas ang katawan at angkop maging mga kawal.

17Si Matanias na tiyuhin ni Jehoiakin ang ipinalit ni Nebucadnezar dito bilang hari ng Juda at pinalitan niya ng Zedekias ang pangalan nito.

### Ang Paghahari ni Zedekias sa Juda
(2 Cro. 36:11-12; Jer. 52:1-3a)

18Si Zedekias ay dalawampu't isang taóng gulang nang maging hari ng Juda, at naghari siya sa Jerusalem sa loob ng labing-isang taon. Ang ina niya'y si Hamutal na anak ni Jeremias na taga-Libna.

19Tulad ng masamang halimbawa ni Jehoiakim, ginawa rin ni Zedekias ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh.

20Umabot na sa sukdulan ang galit ni Yahweh sa Jerusalem at Juda kaya ang mga ito'y ipinabihag niya sa mga kaaway.

## 2 Mga Hari 25

### Ang Pagbagsak ng Jerusalem
(2 Cro. 36:13-21; Jer. 52:3b-11)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Si Zedekias ay naghimagsik laban sa hari ng Babilonia. Nang ikasampung araw ng ikasampung buwan ng ikasiyam na taon ng paghahari ni Zedekias, tinipon ni Nebucadnezar ang kanyang buong hukbo. Kinubkob nila ang Jerusalem at nagkampo sa labas ng lunsod.

2Ito'y tumagal nang hanggang sa ikalabing-isang taon ng paghahari ni Zedekias.

3Nang ikasiyam na araw ng ikaapat na buwan ng taon ding iyon, lubhang tumindi ang taggutom sa loob ng lunsod. Wala nang makain ang mga tao.

4Noon ay binutas ang isang bahagi ng pader ng lunsod. Nang makita ito ni Haring Zedekias kinagabihan, tumakas siya patungong Araba kasama ang kanyang mga kawal. Doon sila dumaan sa pintuan sa pagitan ng dalawang pader, malapit sa hardin ng palasyo. Ngunit ang lunsod ay napapalibutan ng mga taga-Babilonia.

5Hinabol sila ng mga ito at inabutan sa kapatagan ng Jerico. At nagkanya-kanyang takas ang kanyang mga kawal.

6Nabihag si Zedekias at iniharap sa hari ng Babilonia na noon ay nasa lunsod ng Ribla at doon siya hinatulan.

7Pinatay nila sa harapan ni Zedekias ang mga anak nito. Dinukit ang mga mata ni Zedekias at dinala siya sa Babilonia na gapos ng tanikala.

### Ang Pagwasak sa Templo

(Jer. 52:12-33)

8Nang ikapitong araw ng ikalimang buwan ng ikalabing siyam na taon ng paghahari ni Nebucadnezar, pinasok ni Nebuzaradan na pinuno ng mga tanod ni Nebucadnezar ang Jerusalem.

9Sinunog niya ang Templo, ang palasyo, at ang malalaking bahay doon.

10Ang mga pader ng lunsod ay giniba naman ng mga kawal na kasama ni Nebuzaradan.

11Dinala niyang bihag ang natitira pang mga tao sa Jerusalem, pati ang mga sumuko sa hari ng Babilonia.

12Ang iniwan lamang niya roon ay ilang mga dukha upang magbungkal ng lupa at magtrabaho sa mga ubasan.

13Ang mga haliging tanso, patungang tanso at ang palangganang tanso na nasa Templo ay tinanggal nila, pinagpira-piraso at dinala sa Babilonia.

14Kinuha rin nila ang mga kagamitan sa Templo: ang palayok, pala, lalagyan ng abo, plato, sunugan ng insenso at ang lahat ng kagamitang tanso.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Kinuha rin nila ang gintong lalagyan ng baga at lahat ng kasangkapang ginto at pilak.

16Ang mga haliging tanso, ang hugasang tanso at ang patungan nito ay hindi na nila tinimbang sapagkat napakabigat.

17Ang taas ng isang haligi ay walong metro at may koronang mahigit na isa't kalahating metro ang taas. Nababalot ito ng mga palamuting tanso: hinabi ang iba at ang iba nama'y kahugis ng prutas na granada.

**Dinalang-bihag ang mga Taga-Juda sa Babilonia**
(Jer. 52:24-27)

18Dinala sa Babilonia ang mga taga-Juda. Kasama sa mga nabihag ni Nebuzaradan ang pinakapunong paring si Seraya, ang kanang kamay nitong si Zefanias at ang tatlong bantay-pinto.

19Nabihag din niya ang namamahala sa mga mandirigma ng lunsod, ang limang tagapayo ng hari, ang kalihim ng pinunong kawal, at ang animnapung taóng nakita niya sa lunsod.

20Ang mga ito'y dinala niya sa Ribla, sa kinaroroonan ng hari ng Babilonia,

21at doon ipinapatay ng hari, sa lupain ng Hamat. Sa ganitong paraan dinalang-bihag ang sambayanang Juda mula sa kanilang lupain.

**Si Gedalias na Gobernador ng Juda**
(Jer. 40:7-9; 41:1-3)

22Si Gedalias na anak ni Ahikam at apo ni Safan ay hinirang ni Haring Nebucadnezar bilang gobernador ng mga natirang mamamayan ng Juda.

23Nang mabalitaan ito ng mga pinuno ng hukbo na hindi sumuko, sila at ang kanilang mga tauhan ay lumapit kay Gedalias sa Mizpa. Ang mga ito'y sina Ismael na anak ni Netanias, Johanan na anak ni Karea, Seraias na anak ni Tanhumet na Netofatita at Jaazanias na anak ng Maacateo.

24Sinabi sa kanila ni Gedalias, “Huwag kayong matakot sa mga taga-Babilonia. Dito na kayo tumira at maglingkod sa hari ng Babilonia at walang masamang mangyayari sa inyo.”

25Ngunit nang ikapitong buwan, dumating si Ismael na anak ni Netanias at apo ni Elisama, mula sa angkan ng hari, na may kasamang sampung tao. Pinatay nila si Gedalias, ang mga Judio at ang mga taga-Babiloniang kasama niya sa Mizpa.

26Pagkatapos, silang lahat, mahirap man o mayaman, kasama ang mga pinuno ng mga kawal, ay tumakas patungong Egipto dahil sa takot sa mga taga-Babilonia.

**Pinalaya si Jehoiakin sa Pagkabilanggo**
(Jer. 52:31-34)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Nang ikadalawampu't pitong araw ng ikalabindalawang buwan ng ikatatlumpu't pitong taon ng pagkabihag kay Haring Jehoiakin ng Juda, pinalaya siya ni Haring Evil-merodac ng Babilonia nang taon na ito'y nagsimulang maghari.

28Mabuti ang pakikitungo ni Evil-merodac kay Jehoiakin, at pinarangalan siya nito nang higit sa ibang haring bihag din sa Babilonia.

29Hinubad ni Jehoiakin ang kasuotan niya bilang isang bihag. At hanggang sa siya'y mamatay, araw-araw, kasalo siya ng hari sa hapag kainan.

30Habang siya'y nabubuhay, binigyan siya ng hari ng kanyang araw-araw na pangangailangan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 1 Mga Cronica 1

### Mga Talaan ng mga Angkang Pinagmulan ng Israel

1Si Adan ang ama ni Set at si Set ang ama ni Enos.

2Si Enos ang ama ni Kenan at si Kenan ang ama ni Mahalalel na ama ni Jared.

3Si Jared ang ama ni Enoc, at anak ni Enoc si Matusalem na ama ni Lamec.

4Si Lamec ang ama ni Noe at mga anak naman ni Noe sina Shem, Ham at Jafet.

5Ang mga anak ni Jafet ay sina Gomer, Magog, Madai, Javan, Tubal, Meshec at Tiras.

6Ang mga anak naman ni Gomer ay sina Askenaz, Difat at Togarma.

7Ang mga anak ni Javan ay sina Elisha, Tarsis, Kitim at Rodanim.

8Ang mga anak ni Ham ay sina Cus, Egipto, Libya at Canaan.

9Mga anak ni Cus sina Seba, Havila, Sabta, Raama at Sabteca, at ang kay Raama naman ay sina Sheba at Dedan.

10Anak din ni Cus si Nimrod, ang unang makapangyarihang mananakop sa daigdig.

11Si Egipto ang pinagmulan ng mga Ludim, Anamim, Lehabim at Naftuhim.

12Siya rin ang pinagmulan ng mga Patrusim, Casluhim at Caftorim, na siya namang pinagmulan ng mga Filisteo.

13Ang mga anak ni Canaan ay si Sidon, na siyang panganay, at si Het.

14Sila ang mga ninuno ng mga Jebuseo, Amoreo, Gergeseo,

15Hivita, Arkita, Sinita,

16Arvadita, Zemareo at Hamateo.

17Ang mga anak ni Shem ay sina Elam, Asur, Arfaxad, Lud, Aram, Uz, Hul, Geter at Meshec.

18Si Arfaxad ang ama ni Selah na ama naman ni Eber.

19Dalawang lalaki ang naging anak ni Eber; Peleg ang pangalan ng isa sapagkat sa panahon niya nahati ang daigdig, at Joctan naman ang pangalan ng kapatid nito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Si Joctan ang ama ng magkakapatid na Almodad, Selef, Hazarmavet, Jerah,

[21]Hadoram, Uzal, Dicla,

[22]Ebal, Abimael, Sheba,

[23]Ofir, Havila at Jobab.

[24]Ganito ang pagkakasunud-sunod ng lahi mula kay Shem hanggang kay Abram: Shem, Arfaxad, Selah,

[25]Eber, Peleg, Reu,

[26]Serug, Nahor, Terah,

[27]at Abram, na tinawag ding Abraham.

### Ang Lahi ni Ismael

(Gen. 25:12-16)

[28]Ang dalawang anak ni Abraham ay sina Isaac at Ismael.

[29]Ang mga anak ni Ismael ay sina Nebayot, Kedar, Adbeel, Mibsam,

[30]Misma, Duma, Massa, Hadad, Tema,

[31]Jetur, Nafis at Kedema.

[32]Ito ang mga anak ni Abraham sa kanyang asawang-lingkod na si Ketura: sina Zimran, Jocsan, Medan, Midian, Isbak at Sua. Ang mga anak ni Jocsan ay sina Sheba at Dedan.

[33]Mga anak ni Midian sina Efa, Efer, Hanoc, Abida at Eldaa.

### Ang Lahi ni Esau

(Gen. 36:1-19)

[34]Ang anak ni Abraham na si Isaac ay may dalawang anak: sina Esau at Jacob.

[35]Ang mga anak ni Esau ay sina Elifaz, Reuel, Jeus, Jalam at Korah.

[36]Ang mga anak ni Elifaz ay sina Teman, Omar, Zefi, Gatam, Kenaz, Timna at Amalek.

[37]Ang kay Reuel naman ay sina Nahat, Zera, Sammah at Miza.

### Ang Lahi ni Seir

(Gen. 36:20-30)

[38]Ang mga anak ni Seir ay sina Lotan, Sobal, Zibeon, Ana, Dison, Eser at Disan.

[39]Ang mga anak ni Lotan ay sina Hori at Homam; si Timna ang kapatid na babae ni Lotan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

40Mga anak ni Sobal sina Alian, Manahat, Ebal, Sefi at Onam. Ang mga anak ni Zibeon ay sina Aias at Ana.

41Anak ni Ana si Dison. Si Dison naman ang ama ng magkakapatid na Hamram, Esban, Itran at Keran.

42Mga anak ni Eser sina Bilhan, Zaavan at Jaacan. Ang kay Disan naman ay sina Hus at Aran.

### Ang mga Hari at Pinuno ng Edom

(Gen. 36:31-43)

43Ito ang mga naghari sa lupain ng Edom bago nagkaroon ng hari ang mga Israelita: si Bela na anak ni Beor at ang kanyang lunsod ay Dinhaba.

44Pagkamatay niya, siya'y pinalitan ni Jobab na anak ni Zera na taga-Bosra.

45Nang mamatay si Jobab, si Husam na isang Temaneo ang pumalit sa kanya.

46Namatay si Husam at ang pumalit sa kanya ay isang taga-Avit, si Hadad na anak ni Bedad. Siya ang tumalo kay Midian sa lupain ng Moab.

47Pagkamatay ni Hadad, pumalit sa kanya bilang hari si Samla na taga-Masreca.

48Namatay din si Samla at pinalitan siya ni Saul na taga-Rehobot sa may Ilog Eufrates.

49Nang mamatay si Saul, pumalit sa kanya bilang hari si Baal-hanan na anak ni Acbor.

50Namatay si Baal-hanan at pumalit sa kanya si Hadad na taga-lunsod ng Pai. Si Hadad ang asawa ni Mehetabel na anak ni Matred. Si Matred ay anak na babae ni Mezahab.

51Pagkamatay ni Hadad, ang mga ito ang naging pinuno ng Edom: Timna, Alian, Jetet,

52Aholibama, Ela, Pinon,

53Kenaz, Teman, Mibzar,

54Magdiel, at Iram.

## 1 Mga Cronica 2

### Ang Lahi ni Juda

1Ito ang mga anak ni Jacob: Ruben, Simeon, Levi, Juda, Isacar, Zebulun,

2Dan, Jose, Benjamin, Neftali, Gad, at Asher.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Ang mga anak ni Juda kay Bat-sua na isang Canaanita ay sina Er, Onan at Sela. Ang panganay niyang si Er ay naging masama sa paningin ni Yahweh kaya ito'y pinatay.

4Sina Peres at Zera naman ang naging mga anak niya kay Tamar na kanyang manugang, kaya limang lahat ang anak ni Juda.

5Ang mga anak ni Peres ay sina Hezron at Hamul.

6Ang kay Zera naman ay sina Zimri, Etan, Heman, Calcol at Darda. Limang lahat ang naging anak ni Zera.

7Anak ni Zimri si Carmi. Ang anak naman ni Carmi na si Acan, ang nagdulot ng malaking kapahamakan sa Israel dahil sa paglabag sa utos ng Diyos na may kinalaman sa mga bagay na itinakdang wasakin.

8Si Azarias naman ay anak ni Etan.

**Ang Angkan na Pinagmulan ni David**

9Ang mga anak ni Hezron ay tatlo: sina Jerameel, Ram at Caleb.

10Anak ni Ram si Aminadab na ama ni Naason, isang pinuno sa lipi ni Juda.

11Anak ni Naason si Salma na ama naman ni Boaz.

12Si Boaz ang ama ni Obed na ama naman ni Jesse.

13Ang panganay na anak ni Jesse ay si Eliab, pangalawa si Abinadab at si Simea ang pangatlo.

14Ang pang-apat ay si Netanel, panglima si Radai,

15pang-anim si Ozem at pampito si David.

16Dalawa ang kapatid nilang babae: sina Zervias at Abigail. Tatlo ang anak ni Zervias: sina Abisai, Joab at Asahel.

17Ang anak naman ni Abigail ay si Amasa na ang ama ay si Jeter na isang Ismaelita.

**Ang Lahi ni Hezron**

18Si Caleb na anak ni Hezron ay nagkaanak ng isang babae kay Azuba na ang pangalan ay Jeriot. Ang mga anak niyang lalaki ay sina Jeser, Sobab at Ardon.

19Nang mamatay si Azuba, napangasawa ni Caleb si Efrata, at naging anak nila si Hur.

20Si Hur ang ama ni Uri na siya namang ama ni Bezalel.

21Nang si Hezron ay animnapung taon na, napangasawa niya ang anak ni Maquir na ama ni Gilead. Naging anak niya si Segub

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22na ama ni Jair, ang may-ari ng dalawampu't tatlong lunsod sa lupain ni Gilead.

23Ngunit kinuha sa kanila nina Gesur at Aram ang mga Nayon ni Jair at ang Kenat, pati ang mga nayon nito. Lahat-lahat ay animnapung bayan. Ang lahat ng mamamayan dito'y buhat sa angkan ni Maquir na ama ni Gilead.

24Pagkamatay ni Hezron, kinasama ni Caleb si Efrata na biyuda ng kanyang ama, at naging anak nila si Asur na nagtatag ng bayan ng Tekoa.

**Ang Lahi ni Jerameel**

25Ito ang mga anak ni Jerameel, ang panganay ni Hezron: sina Ram, Buna, Orem, Ozem at Ahias.

26Si Jerameel ay may isa pang asawa na Atara ang pangalan; siya ang ina ni Onam.

27Ang panganay na anak ni Jerameel ay si Ram, at sina Maaz, Jamin at Equer ang mga anak nito.

28Mga anak ni Onam sina Samai at Jada. Ang mga anak naman ni Samai ay sina Nadab at Abisur.

29Asawa ni Abisur si Abihail at dalawa ang anak nila: sina Ahban at Molid.

30Mga anak ni Nadab sina Seled at Apaim. Namatay si Seled na walang anak.

31Anak ni Apaim si Isi at ang kay Isi naman ay si Sesan na ama ni Ahlai.

32Ang mga anak ni Jada na kapatid ni Samai ay sina Jeter at Jonatan. Namatay na walang anak si Jeter.

33Ang mga anak ni Jonatan ay sina Pelet at Zaza. Ito ang mga anak at salinlahi ni Jerameel.

34Mga babae lamang ang naging anak ni Sesan, ngunit siya'y may aliping Egipcio na Jarha ang pangalan.

35Ipinakasal niya ito sa kanyang anak na dalaga at naging anak nila si Atai.

36Si Atai ang ama ni Natan na ama naman ni Zabad.

37Si Zabad ang ama ni Eflal na ama ni Obed.

38Si Obed ang ama ni Jehu na ama naman ni Azarias.

39Si Azarias ang ama ni Helez na ama ni Eleasa.

40Si Eleasa ang ama ni Sismai na ama naman ni Sallum.

41Si Sallum ang ama ni Jecamias na ama ni Elisama.

**Ang Lahi ni Caleb**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

42Ang anak na panganay ni Caleb na kapatid ni Jerameel ay si Mesa na ama ni Zif. Si Zif ay ama ni Maresa at anak naman ni Maresa si Hebron.

43Ang mga anak ni Hebron ay sina Korah, Tapua, Requem at Sema.

44Si Sema ang ama ni Raham na ama ni Jorqueam, at si Requem naman ang ama ni Samai.

45Ang anak ni Samai ay si Maon na ama naman ni Beth-sur.

46Naging asawang-lingkod ni Caleb si Efa, at nagkaanak sila ng tatlo: sina Haran, Moza at Gasez. Gasez din ang ngalan ng naging anak ni Haran.

47Ang mga anak ni Jahdai ay sina Regem, Jotam, Gesam, Pelet, Efa at Saaf.

48Kay Maaca, isa pang asawang-lingkod ni Caleb, nagkaanak siya ng dalawa: sina Seber at Tirhana.

49Naging anak niya rito si Saaf na ama ni Madmana at si Seva na ama naman nina Macbena at Gibea. Ang babaing anak ni Caleb ay si Acsa.

50Ito ang angkan ni Caleb: si Hur ang panganay na anak niya kay Efrata. Naging anak naman ni Hur sina Sobal na nagtatag ng Lunsod ng Jearim,

51si Salma na nagtatag ng Bethlehem at si Haref na nagtatag ng Beth-gader.

52Si Sobal ang ama ni Haroe, ang pinagmulan ng kalahati ng Menuho.

53Kay Sobal din nagmula ang ilang angkang nanirahan sa Lunsod ng Jearim tulad ng mga Itrita, mga Putita, mga Sumatita, mga Misraita, mga Zorita at mga Estaolita.

54Ang mga angkan naman ni Salma na nagtatag ng Bethlehem ay ang Netofatita, Atrot-bet-joab, at ang kalahati ng mga Manahatita at Zorita.

55Ang angkan ng mga eskriba na tumira sa Jabes ay ang mga Tiratita, Simatita at Sucatita. Ito ang mga Kenita buhat sa Hamat, ang pinagmulan ng angkan ni Recab.

## 1 Mga Cronica 3

### Ang Angkan ni David

1Si David ay nagkaroon ng mga anak sa Hebron. Ang una ay si Amnon, anak niya kay Ahinoam na Jezreelita. Ang pangalawa ay si Daniel na anak naman niya kay Abigail na taga-Carmel.

2Ang pangatlo ay si Absalom, anak niya kay Maaca na anak ni Talmai na hari sa Gesur. Si Adonias ang pang-apat, anak naman kay Haguit.

3Ang panlima ay si Sefatias, anak kay Abital, at si Itream ang pang-anim na anak naman niya kay Egla.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Anim ang naging anak ni David sa Hebron sa loob ng pito at kalahating taon ng paghahari niya roon. Pagkatapos sa Hebron, tatlumpu't tatlong taon naman siyang naghari sa Jerusalem.

5Doo'y apat ang naging anak niya kay Batsheba na anak ni Amiel. Ito'y sina Simea, Sobab, Natan at Solomon.

6Siyam pa ang naging anak niya sa Jerusalem. Ito'y sina Ibhar, Elisama, Elifelet,

7Noga, Nefeg, Jafia,

8Elisama, Eliada at Elifelet.

9Ang mga ito ang mga anak ni David bukod pa sa mga anak niya sa kanyang mga asawang-lingkod. Iisa ang anak niyang babae, si Tamar.

**Ang Angkan ni Haring Solomon**

10Ito ang angkan ni Solomon: anak ni Solomon si Rehoboam na ama ni Abias, at anak naman ni Abias si Asa na ama ni Jehoshafat.

11Anak ni Jehoshafat si Joram na ama ni Ahazias. Anak naman ni Ahazias si Joas.

12Anak ni Joas si Amazias na ama ni Azarias, na ama naman ni Jotam.

13Anak ni Jotam si Ahaz na ama ni Ezequias na ama naman ni Manases.

14Anak ni Manases si Ammon na ama ni Josias.

15Apat ang naging anak ni Josias: sina Johanan, Jehoiakim, Zedekias at Sallum.

16Ang anak ni Jehoiakim ay si Jeconias na ama ni Zedekias.

**Ang Angkan ni Haring Jeconias**

17Naging bihag sa Babilonia si Jeconias. Ang pito niyang anak ay sina Selatiel,

18Malquiram, Pedaya, Senazar, Jacamias, Hosama at Nedabias.

19Ang mga anak naman ni Pedaya ay sina Zerubabel at Simei. Tatlo ang unang anak ni Zerubabel, sina Mesulam at Hananias at isang babae, si Selomit.

20Ang lima pang anak niya ay sina Hasuba, Ohel, Berequias, Hasadias at Jusab-hesed.

21Mga anak ni Hananias sina Pelatias at Jesaias. Anak ni Jesaias si Refaias, anak ni Refaias si Arnan, anak ni Arnan si Obadias at anak ni Obadias si Secanias.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Anim ang naging anak ni Secanias: sina Semaya, Hatus, Igal, Barias, Nearias at Safat.

23Tatlo ang naging anak ni Nearias: sina Elioenai, Ezequias at Azrikam.

24Pito naman ang naging anak ni Elioenai: sina Hodavias, Eliasib, Pelaya, Akub, Johanan, Delaias at Anani.

## 1 Mga Cronica 4

### Ang Lipi ni Juda

1Kabilang ang mga ito sa mga anak ni Juda: sina Peres, Hezron, Carmi, Hur at Sobal.

2Anak ni Sobal si Reaias na ama ni Jahat. Anak naman ni Jahat sina Ahumai at Lahad. Ito ang angkan ng mga Zorita.

3-4Si Hur ang panganay ni Efrata na asawa ni Caleb at ang kanyang mga apo ang nagtatag ng lunsod ng Bethlehem. Tatlo ang anak na lalaki ni Hur: sina Etam, Penuel, at Ezer. Ang mga anak na lalaki naman ni Etam ay sina Jezreel, Isma at Idbas. Hazzelelponi ang pangalan ng kapatid nilang babae. Si Penuel ang nagtatag ng lunsod ng Gedor, at si Ezer naman ang nagtatag ng Husa.

5Si Asur na nagtatag ng bayan ng Tekoa ay may dalawang asawa, sina Hela at Naara.

6Naging anak ni Asur kay Naara sina Ahuzam, Hefer, Temeni at Haahastari.

7Naging anak naman niya kay Hela sina Zeret, Izar at Etnan.

8Si Coz ang ama ni Anub at Zobeba, at ng mga angkan ni Aharhel na anak ni Harum.

9Si Jabes ay higit na marangal kaysa mga kapatid niya. Jabes ang ipinangalan sa kanya sapagkat sabi ng kanyang ina, “Masyado akong nahirapan nang ipanganak ko siya.”

10Ngunit nanalangin si Jabes sa Diyos ng Israel at sinabi: “Pagpalain po ninyo ako! Palawakin ninyo ang aking lupain. Samahan po ninyo ako at ingatan sa anumang kasawiang makakasakit sa akin.” At ipinagkaloob ng Diyos ang kanyang kahilingan.

### Iba pang Listahan ng mga Angkan

11Si Caleb na kapatid ni Suha ang ama ni Mehir na ama naman ni Eston.

12Si Eston ang ama nina Beth-rafa, Pasea at Tehina na siyang nagtatag ng lunsod ng Nahas. Ang mga apo nila ang nanirahan sa Reca.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Mga anak ni Kenaz sina Otniel at Seraias, at mga anak naman ni Otniel sina Hatat at Meonotai.

14Si Meonotai ang ama ni Ofra, at si Seraias naman ang ama ni Joab na nagtatag ng Libis ng mga Panday, sapagkat ang mga nakatira roon ay mga panday.

15Ang mga anak ni Caleb na anak ni Jefune ay sina Iru, Ela at Naam. Ang anak naman ni Ela ay si Kenaz.

16Mga anak naman ni Jehalelel sina Zif, Sifa, Tirias at Asarel.

17Ang mga anak ni Ezra ay sina Jeter, Mered, Efer at Jalon. Ang mga anak ni Mered kay Bitia na anak ng Faraon ay sina Miriam, Samai at Isba na siyang nagtatag ng Estemoa.

18Sa asawa naman niyang taga-Juda, naging anak ni Mered si Jered na nagtatag ng Gedor, si Heber na nagtatag ng Soco at si Jecutiel na nagtatag ng Zanoa.

19Ang pinagmulan ng mga Garmita na nanirahan sa Keila at ng mga Maacateo na nanirahan sa Estemoa ay ang mga anak ni Hodias sa asawa na kapatid na babae ni Naham.

20Ang mga anak ni Simon ay sina Amnon, Rina, Benhanan at Tilon. Mga anak naman ni Isi sina Zohet at Ben-zohet.

**Ang Angkan ni Sela**

21Ang mga anak ni Sela na anak ni Juda ay sina Er na nagtatag ng Leca, si Laada na nagtatag ng Maresa, at ang mga angkang humahabi ng telang lino sa Beth-asbea.

22Siya rin ang ama ni Joquim, at ng mga taga-Cozeba, gayundin nina Joas at Saraf. Ang mga ito ay nagkaasawa sa Moab bago nagbalik at nanirahan sa Bethlehem. (Napakatagal na ang mga pangyayaring ito.)

23Ang mga ito'y magpapalayok at tumira sa Netaim at Gedera, bilang mga lingkod ng hari.

**Ang Lipi ni Simeon**

24Ang mga anak ni Simeon ay sina Nemuel, Jamin, Jarib, Zera at Saul.

25Anak ni Saul si Sallum, at apo niya si Mibsan. Anak naman ni Mibsan si Misma.

26Mga anak ni Misma sina Hamuel, Zacur at Simei.

27Labing-anim ang anak na lalaki ni Simei at anim naman ang babae. Ngunit kaunti lamang ang anak ng kanyang mga kapatid kaya hindi lumaki ang kanilang angkan tulad ng kay Juda.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

28Ito ang mga lunsod na tinirhan nila: Beer-seba, Molada, Hazar-shual,

29Bilha, Ezem, Tolad,

30Bethuel, Horma, Ziklag,

31Beth-marcabot, Hazar-susim, Beth-biri, at Saaraim. Ito ang kanilang mga lunsod hanggang maging hari si David.

32Kanila rin ang limang lunsod ng Etam, Ain, Rimon, Toquen at Asan,

33pati ang mga nayon sa paligid nito hanggang sa bayan ng Baalat. Ito ang talaan na kanilang iniingatan tungkol sa kanilang mga angkan at mga lugar na kanilang tinirhan. Habang sila'y narito, mayroon silang sariling talaan ng kanilang angkan.

34-38Ito ang mga naging pinuno ng kanilang mga angkan: Mesobab, Jamlec at Josa na anak ni Amazias; sina Joel at Jehu na mga anak ni Josibias na anak ni Seraias na anak naman ni Asiel; sina Elioenai, Jaacoba, Jesohaias, Asaias, Adiel, Jesimiel, at Benaias. Kabilang din si Ziza na anak ni Sifi na anak naman ni Allon. Si Allon ay anak ni Jedaias na anak ni Simri na anak naman ni Semaias. Patuloy sa paglaki ang kanilang mga angkan,

39kaya't kumalat sila sa dakong silangan, at sa paghahanap ng pastulan ay umabot sila hanggang sa kapatagan ng Gedor.

40Nakatagpo sila ng magandang pastulan, malawak, tahimik at payapa. Mga Hamita ang dating nakatira sa lugar na iyon.

41Ang nabanggit na angkang ito ni Simeon ang sumalakay sa mga Hamita nang panahong naghahari si Ezequias sa Juda. Winasak nila ang lugar na iyon, nilipol ang mga Meunim na naroon at sila ang tumira, sapagkat maganda ang pastulan doon.

42Sa mga sumalakay na ito, limandaan pang tauhan ni Simeon ang patuloy na lumusob sa kaburulan ng Seir sa pangunguna nina Pelatias, Nearias, Refaias at Uziel, mga anak ni Isi.

43Nilipol nila ang mga natirang Amalekita na tumakas patungo roon. Hanggang ngayo'y sila ang nakatira doon.

## 1 Mga Cronica 5

### Ang Lipi ni Ruben

1Ito ang mga anak ni Ruben, ang panganay ni Jacob. (Kahit na siya'y panganay, inalisan siya ng karapatan ng pagkapanganay sapagkat dinungisan niya ang dangal ng kanyang ama. Ang karapatang ito'y ibinigay sa mga anak ni Jose, na anak ni Jacob.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Bagama't ang lipi ni Juda ang kinilalang pangunahin sa magkakapatid at isang pinuno ang nagmula sa kanya, ang karapatan ng pagkapanganay ay iginawad kay Jose.)

3Ang mga anak ni Ruben ay sina Hanoc, Pallu, Hezron at Carmi.

4Anak ni Joel si Semaias na ama ni Gog. Anak ni Gog si Simei na ama ni Mica.

5Anak ni Mica si Reaias na ama ni Baal.

6Anak ni Baal si Beera, ang pinuno ng mga Rubenita na dinalang-bihag ni Tiglat-pileser sa Asiria.

7Ito ang listahan ng mga sambahayan at angkang nagmula sa lipi ni Ruben: ang mga pinunong sina Jeiel, Zacarias,

8at Bela na anak ni Azaz at apo ni Sema mula sa angkan ni Joel. Ang angkang ito ay tumira sa Aroer, at ang kanilang lupain ay abot sa Nebo at Baal-meon.

9Dahil marami silang kawan sa lupain ng Gilead, tumira rin sila sa gawing silangan hanggang sa tabi ng ilang na ang dulo ay nasa Ilog Eufrates.

10Noong panahon ni Haring Saul, sinalakay at tinalo ng mga Rubenita ang mga Hagrita, at tumira sila sa lupain ng mga ito sa silangang panig ng Gilead.

**Ang Lipi ni Gad**

11Sa dakong hilaga ni Ruben nanirahan ang mga anak ni Gad, mula sa lupain ng Bashan hanggang Saleca.

12Sa Bashan, ang pinuno ng unang angkan ay si Joel, at si Safam naman ang sa pangalawang angkan. Sina Janai at Safat ay mga pinuno rin ng iba pang angkan doon.

13Kabilang pa rin sa lipi ni Gad sina Micael, Mesulam, Sheba, Jorai, Jacan, Zia at Eber. Ang pitong ito

14ay mga anak ni Abihail na anak ni Huri at apo ni Jaroa. Si Jaroa ay anak ni Gilead at apo ni Micael na anak ni Jesisai. Si Jesisai ay anak ni Jahdo at apo ni Buz.

15Ang kanilang pinuno ay si Ahi na anak ni Abdiel at apo ni Guni.

16Nanirahan ang mga ito sa mga bayang sakop ng Bashan at Gilead hanggang sa malawak na pastulan ng Saron.

17Ang mga talaang ito ay isinaayos nang si Jotam ay hari ng Juda, at si Jeroboam naman ang hari sa Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Matatapang ang mga kawal ng mga lipi nina Ruben at Gad, gayundin ng kalahating lipi ni Manases. Sila'y mga sanay na mandirigma; bihasa sa paggamit ng kalasag, tabak, at pana. Binubuo sila ng 44,760 kawal.

19Nakipagdigma sila laban sa mga Hagrita, Jetur, Nafis at Nodab.

20Nagtitiwala sila sa Diyos at laging nananalangin sa kanya. Dinirinig naman sila at laging tinutulungan. Dahil dito'y nalupig nila ang kanilang mga kaaway.

21Ito ang nasamsam nilang hayop: 50,000 kamelyo, 250,000 tupa at 2,000 asno. May 100,000 kawal naman ang kanilang nabihag.

22Marami silang napatay sa kanilang mga kaaway, sapagkat ang Diyos ang nanguna sa kanila. Patuloy silang nanirahan sa lupaing iyon hanggang sa sila'y dalhing-bihag sa ibang bansa.

**Kalahati ng Lipi ni Manases**

23Ang kalahating lipi ni Manases ay napakarami. Kumalat sila sa iba't ibang lupain mula sa Bashan, Baal-hermon, Senir hanggang sa Bundok ng Hermon.

24Ito ang mga pinuno ng kanilang mga angkan: sina Efer, Isi, Eliel, Azriel, Jeremias, Hodavias at Jahdiel. Sila'y magigiting na mandirigma at mga tanyag na pinuno ng kani-kanilang angkan.

25Ngunit ang mga liping ito ay hindi nanatiling tapat sa Diyos ng kanilang mga ninuno. Sumamba sila sa mga diyus-diyosan ng mga bansang pinalayas ng Diyos.

26Kaya't inudyukan ng Diyos ng Israel si haring Pul ng Asiria, na tinatawag ding Tiglat-Pileser, na salakayin ang Israel. Binihag nito ang mga Rubenita, Gadita at ang kalahating lipi ni Manases. Dinala sila sa Hala, Habor, Hara at sa tabi ng Ilog Gozan.

## 1 Mga Cronica 6

**Ang Lipi ng mga Pinakapunong Pari**

1Ang mga anak ni Levi ay sina Gersom, Kohat at Merari.

2Ang mga anak naman ni Kohat ay sina Amram, Izar, Hebron, at Uziel.

3Ang mga anak ni Amram ay sina Aaron, Moises at Miriam. Mga anak naman ni Aaron sina Nadab, Abihu, Eleazar, at Itamar.

4Anak naman ni Eleazar si Finehas na ama ni Abisua.

5Anak ni Abisua si Buki na ama ni Uzi.

6Anak naman ni Uzi si Zerahias na ama ni Meraiot.

7Anak ni Meraiot si Amarias na ama ni Ahitob.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8 Anak ni Ahitob si Zadok na ama ni Ahimaaz.

9 Anak ni Ahimaaz si Azarias na ama ni Johanan.

10 Anak naman ni Johanan si Azarias, ang paring naglingkod sa Templong itinayo ni Solomon sa Jerusalem.

11 Anak naman ni Azarias si Amarias na ama naman ni Ahitob.

12 Anak ni Ahitob si Zadok na ama ni Sallum.

13 Anak ni Sallum si Hilkias na ama naman ni Azarias.

14 Anak ni Azarias si Seraya na ama ni Jehozadak.

15 Si Jehozadak ay nakasama nang ipatapon ni Yahweh ang Juda at Jerusalem sa pamamagitan ni Nebucadnezar.

**Iba pang Angkan ni Levi**

16 Ang mga anak ni Levi ay sina Gersom, Kohat at Merari.

17 Anak ni Gersom sina Libni at Simei.

18 Mga anak ni Kohat sina Amram, Izar, Hebron, at Uziel.

19 Ang kay Merari naman ay sina Mahli at Musi. Ito ang mga angkan ng mga Levita ayon sa kanilang mga magulang.

20 Anak ni Gershon si Libni na ama ni Jahat na ama ni Zima.

21 Anak ni Zima si Joah na ama naman ni Iddo, na ama ni Zara na ama ni Jeatrai.

22 Anak ni Kohat si Aminadab na ama ni Korah na ama ni Asir.

23 Anak ni Asir si Elkana na ama ni Ebiasaf na ama ni Asir.

24 Anak ni Asir si Tahat na ama ni Uriel, ama ni Uzias na ama ni Shaul.

25 Anak naman ni Elkana sina Amasai at Ahimot.

26 Anak ni Ahimot si Elkana na ama ni Zofar na ama ni Nahat.

27 Anak naman ni Nahat si Eliab na ama ni Jeroham na ama ni Elkana na ama ni Samuel.

28 Dalawa ang anak ni Samuel. Si Joel ang panganay at si Abija ang pangalawa.

29 Anak ni Merari si Mahli na ama ni Libni na ama ni Simei na ama ni Uza.

30 Anak naman ni Uza si Simea na ama ni Hagia na ama ni Asaya.

**Ang mga Mang-aawit sa Templo**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

31Ito ang mga lalaking pinamahala ni David sa mga awitin sa Templo ni Yahweh mula nang dalhin doon ang Kaban ng Tipan.

32Ginampanan nila ito ayon sa mga tuntuning itinakda ang kanilang mga tungkulin sa tabernakulo ng Toldang Tipanan, hanggang sa itayo ni Solomon ang Templo sa Jerusalem.

33Ito ang mga angkan na nagsipaglingkod: sa angkan ni Kohat ay kabilang ang tagapangunang si Heman na anak ni Joel na anak ni Samuel. Si Samuel ay

34anak ni Elkana na apo ni Jeroham na anak ni Eliel na anak ni Toah. Si Toah ay

35anak ni Zuf na anak ni Elkana na anak ni Mahat na anak ni Amasai. Si Amasai ay

36anak ni Elkana na anak ni Joel na anak ni Azarias na anak ni Zefanias. Si Zefanias ay

37anak ni Tahat na anak ni Asir na anak ni Ebiasaf na anak ni Korah. Si Korah ay

38anak ni Izar na anak ni Kohat na anak ni Levi na anak ni Israel.

39Nasa gawing kanan ni Heman ang ikalawang koro, ang pangkat ng kapatid niyang si Asaf na anak ni Berequias na anak ni Simea.

40Si Simea ay anak ni Micael na anak ni Baaseias na anak ni Malquias. Si Malquias ay

41anak ni Etni na anak ni Zera na anak ni Adaias. Si Adaias ay

42anak ni Etan na anak ni Zima na anak ni Simei. Si Simei ay

43anak ni Jahat na anak ni Gershon na anak ni Levi.

44Nasa gawing kaliwa naman ni Heman ang angkan ni Merari, sa pangunguna ni Etan na anak ni Quisi na anak ni Abdi na anak ni Malluc. Si Malluc ay

45anak ni Hashabias na anak ni Amazias na anak ni Hilkias. Si Hilkias ay

46anak ni Amzi na anak ni Bani na anak ni Semer. Si Semer ay

47anak ni Mahli na anak ni Musi na anak ni Merari na anak ni Levi.

48Ang kanilang mga kapatid na Levita naman ang inatasan sa iba pang gawain sa Templo.

### Ang Angkan ni Aaron

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

49Si Aaron naman at ang kanyang mga anak ang nangangasiwa sa pag-aalay sa altar ng mga handog na susunugin at sa altar ng insenso; sa gawain sa Dakong Kabanal-banalan at sa pagtubos sa kasalanan ng Israel, ayon sa iniutos ni Moises na lingkod ng Diyos.

50Ito ang mga sumunod pang angkan ni Aaron: Si Eleazar na ama ni Finehas na ama naman ni Abisua;

51si Buki na ama ni Uzi na ama ni Zerahias;

52si Meraiot na ama ni Amarias na ama ni Ahitob;

53at si Zadok na ama ni Ahimaaz.

**Ang mga Lunsod ng mga Levita**

54-55Ang mga lugar na inilaan para sa angkan ni Aaron sa angkan ni Kohat ay ang Hebron sa Juda at ang mga pastulan sa paligid nito. Sila ang binigyan ng unang bahagi ng lupaing itinalaga para sa mga Levita.

56Ang mga bukirin naman ng lunsod at mga nayong sakop nito ay ibinigay kay Caleb na anak ni Jefune.

57Ibinigay sa mga sumunod na salinlahi ni Aaron ang mga lunsod-kanlungan: ang Lunsod ng Hebron, Libna at ang mga pastulan nito; ang Jatir at Estemoa at ang mga pastulan ng mga ito;

58ang Hilen at Debir at ang mga pastulan ng mga ito;

59ang Asan at Beth-semes at ang mga pastulan ng mga ito.

60Ang ibinigay naman sa lipi ni Benjamin ay ang Geba, Alemet at Anatot, kasama ang mga pastulan sa paligid nito. Labingtatlong lunsod ang nakuha ng kanilang angkan.

61Sampung lunsod ang nakuha ng iba pang angkan ni Kohat mula sa kalahating lipi ni Manases.

62Buhat sa lipi nina Isacar, Asher, Neftali at Manases, labingtatlong lunsod lamang sa Bashan ang napunta sa mga anak ni Gershon ayon sa kanilang sambahayan.

63Sa mga anak ni Merari ayon sa kanilang sambahayan, labindalawa namang lunsod ang nakuha nila buhat sa mga lipi nina Ruben, Gad at Zebulun.

64Ang mga Levita ay binigyan ng mga Israelita ng mga lunsod at mga pastulan.

65Ang mga lunsod na ito, na mula sa lipi nina Juda, Simeon at Benjamin, ay napunta sa kanila sa pamamagitan ng palabunutan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

66May ilan pa sa mga angkan ni Kohat na nagkaroon ng mga lunsod mula sa lupain ni Efraim.

67Ang nakuha nila ay ang mga lunsod-kanlungan gaya ng Shekem at ang mga pastulan sa kaburulan ng Efraim, Gezer,

68Jocmeam, Beth-horon,

69Ayalon, at Gat-rimon.

70Mula naman sa kalahating lipi ni Manases, napunta sa iba pang sambahayan ni Kohat ang Aner at ang mga pastulan nito, at ang Bileam at ang mga pastulan nito.

71Mula rin sa kalahating lipi ni Manases, napunta naman sa mga anak ni Gershon ang Golan sa Bashan, at ang Astarot at ang pastulan ng mga ito.

72Mula sa lipi ni Isacar ay napunta kay Gershon ang Kades, Daberat,

73Ramot at Anem at ang pastulan ng mga ito.

74Mula naman sa lipi ni Asher ay ang Masal, Abdon,

75Hucoc at Rehob at ang mga pastulan ng mga ito.

76Sa lipi ni Neftali ay napunta ang Kades sa Galilea, ang Hamon, ang Kiryataim at ang mga pastulan ng mga ito.

77Napunta rin sa iba pang mga angkan ni Merari na mula sa lipi ni Zebulun ang Rimono at Tabor at ang pastulan ng mga ito.

78Sa gawing silangan ng Jordan, sa tapat ng Jerico, napunta rin sa kanila mula sa lipi ni Ruben ang Bezer, Jaza,

79Kedemot at Mefaat at ang pastulan ng mga ito.

80At mula naman sa lipi ni Gad ay ang Ramot sa Gilead, Mahanaim,

81Hesbon at Hazer at ang mga pastulan ng mga ito.

## 1 Mga Cronica 7

### Ang Lipi ni Isacar

1Ang mga anak ni Isacar ay sina Tola, Pua, Jasub at Simron.

2Ang mga anak ni Tola ay sina Uzi, Refaya, Jeriel, Jahmai, Ibsam at Samuel. Sila'y magigiting na mandirigma at mga pinuno ng kanilang sambahayan ayon sa talaan ng lahi ng kanilang ama. Ang mandirigma nila noong panahon ni David ay umabot sa 22,600.

3Ang anak ni Uzi ay si Izrahias at ang mga anak naman nito ay sina Micael, Obadias, Joel at Isaias. Ang limang ito ay mga pinuno rin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Ang kanilang mga angkan ay may 36,000 mandirigma, sapagkat mas marami silang asawa't mga anak na lalaki.

5Ang mga mandirigma sa lipi ni Isacar ay umaabot sa 87,000.

**Ang mga Lipi nina Benjamin at Dan**

6Ang mga anak ni Benjamin ay sina Bela, Bequer at Jediael.

7Sina Esbon, Uzi, Uziel, Jeremot at Iri naman ang mga anak ni Bela. Sila'y mga pinuno ng kanilang sambahayan at pawang mga mandirigma. Ang kanilang mandirigma ay umaabot sa 22,034.

8Ang mga anak naman ni Bequer ay sina Zemira, Joas, Eliezer, Elioenai, Omri, Jeremot, Abias, Anatot at Alamet.

9Sila'y pawang magigiting na mandirigma at pinuno ng kani-kanilang sambahayan. Ang kanilang mandirigma ay umaabot sa 20,200.

10Ang anak ni Jediael ay si Bilhan. Ang mga anak naman ni Bilhan ay sina Jehus, Benjamin, Aod, Canaana, Zetan, Tarsis at Ahisahar.

11Ang magkakapatid na ito'y pawang magigiting na mandirigma at pinuno ng kani-kanilang sambahayan. Ang mandirigma nila'y umaabot sa 17,200.

12Ang mga Supamita at Hupamita ay buhat sa lahi ni Ir. Ang mga anak ni Dan ay si Husim at ang angkan ni Aher.

**Ang Lipi ni Neftali**

13Ang mga anak ni Neftali ay sina Jahzeel, Guni, Jezer at Sallum. Buhat sila sa lahi ni Bilha.

14Ito naman ang mga anak ni Manases sa asawa niyang Aramea: Azriel at Maquir na ama ni Gilead.

15Ikinuha ni Maquir ng asawa sina Hupim at Supim. Ang pangalan ng kapatid niyang babae ay Maaca. Ang pangalawang anak ni Maquir ay si Zelofehad. Babae namang lahat ang anak nito.

16Si Maaca na asawa ni Maquir ay nagkaanak ng lalaki, at ito'y pinangalanan niyang Peres. Ang sumunod ay si Seres. Dalawa naman ang naging anak nito, sina Ulam at Requem.

17Ang anak ni Ulam ay si Bedan. Ito ang mga angkan ni Gilead na anak ni Maquir at apo ni Manases.

18Ang kapatid niyang babae ay si Hamolequet na ina nina Ishod, Abiezer at Mahla.

19Ang mga anak naman ni Semida ay sina Ahian, Shekem, Likhi at Aniam.

**Ang Lipi ni Efraim**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

20Ito ang mga sumunod na salinlahi ni Efraim: si Sutela na ama ni Bered na ama ni Tahat. Si Tahat ang ama ni Elada na ama ni Tahat. Siya ang

21ama ni Zabad na ama ni Sutela. Anak din niya sina Ezer at Elad na pinatay ng mga taga-Gat nang tangkain nilang nakawin ang kawan ng mga tagaroon.

22Matagal itong ipinagluksa ni Efraim kaya't inaliw siya ng kanyang mga kapatid.

23Ngunit naglihi muli ang kanyang asawa, at lalaki naman ang naging anak. Beria ang ipinangalan niya rito dahil sa kasawiang inabot nila.

24Nagkaanak pa siya ng isang babae at pinangalanan niyang Seera. Ito ang nagtayo ng lunsod ng Beth-horon Ibaba, ng Beth-horon Itaas at ng Uzenseera.

25Anak din niya si Refa na anak ni Resef. Anak ni Resef si Tela at anak naman nito si Tahan na ama ni Ladan.

26Anak ni Ladan si Amihud na ama ni Elisama.

27Anak ni Elisama si Nun na ama ni Josue.

28Ang lupaing sakop nila ay ang Bethel, at sa dakong silangan ay ang Naaran. Sa kanluran naman ay ang Gezer, Shekem at Gaza, kasama ang lahat ng mga bayang nasasakop ng mga ito.

29Subalit ang Beth-sean, Megido, Dor at ang mga bayang nasa paligid ng mga ito ay sakop ng lipi ni Manases. Dito nanirahan ang mga angkan ni Jose na anak ni Jacob.

**Ang Lipi ni Asher**

30Ang mga anak ni Asher ay sina Imna, Isva, Isvi, Berias. Si Sera lang ang babae.

31Ang mga anak naman ni Berias ay sina Heber at Malquiel na ama ni Birzavit.

32Si Heber ang ama nina Jaflet, Somer, Jotam. Si Sua lang ang kapatid nilang babae.

33Ang mga anak ni Jaflet ay sina Pasac, Bimhal at Asvat.

34Ang mga anak naman ni Somer ay sina Ahi, Rohga, Jehuba at Aram.

35Ang mga anak ng kapatid niyang si Helem ay sina Zofa, Imna, Seles at Amal.

36Ang mga anak ni Zofa ay sina Suah, Harnefer, Sual, Beri, Imra,

37Bezer, Hod, Samna, Silsa, Itran at Beera.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

38Ang mga anak ni Jeter ay sina Jefune, Pispa at Ara.

39Ang mga anak ni Ulla ay sina Ara, Haniel at Rizia.

40Lahat ng ito'y buhat sa lipi ni Asher na mga pinuno ng kani-kanilang sambahayan at kilalang mga mandirigma. Ang kawal nila'y umaabot sa 26,000.

## 1 Mga Cronica 8

### Ang Lipi ni Benjamin

1Si Bela ang panganay na anak ni Benjamin, si Asbel ang pangalawa, at si Ahara ang pangatlo.

2Ang pang-apat ay si Noha, at si Rafa ang panlima.

3Ang mga anak naman ni Bela ay sina Adar, Gera, Abihud,

4Abisua, Naaman, Ahoa,

5Gera, Sefufan at Huram.

6Ang mga anak naman ni Ehud ang ginawang pinuno ng mga angkang naninirahan sa Geba. Ngunit napilitang lumipat sa Manahat sina

7Naaman, Ahias at Gera na nanguna sa kanila na siya ring ama nina Uza at Ahihud.

8Si Saaraim ay nagkaanak sa lupain ng Moab, matapos niyang paalisin ang dalawa niyang asawang sina Husim at Baara.

9Ito ang mga anak niya kay Hodes: sina Jobab, Sibia, Mesa, Malcam;

10Jeuz, Sachia at Mirma. Ang mga anak niyang ito ay naging mga pinuno ng kani-kanilang sambahayan.

11Ang mga anak niya kay Husim ay sina Abitob at Elpaal.

12Ang mga anak ni Elpaal ay sina Eber, Misam at Semed. Si Semed ang nagtatag ng mga lunsod ng Ono at Lod at mga nayon nito.

### Ang Angkan ni Benjamin sa Gat at Ayalon

13Anak din ni Elpaal sina Berias at Sema na mga pinuno ng sambahayan sa Ayalon. Sila ang nagpalayas sa mga mamamayan ng Gat.

14Anak ni Beria sina Ahio, Sasac at Jeremot,

15sina Zebadias, Arad, Adar,

16Micael, Ispa at Joha.

### Ang Angkan ni Benjamin sa Jerusalem at Gibeon

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Sina Zebadias, Mesulam, Hizki, Heber,

18Ismerai, Izlia at Jobab ay mga anak naman ni Elpaal.

19Sina Jaquim, Zicri, Zabdi,

20Elienai, Zilletai, Eliel,

21Adaya, Beraya at Simrat ay mga anak naman ni Simei.

22Mga anak naman ni Sasac sina Ispan, Eber, Eliel,

23Abdon, Zicri, Hanan,

24Hananias, Elam, Anatotias,

25Ifdaya at Penuel.

26Sina Samserai, Seharia, Atalia,

27Jaaresias, Elias at Zicri ay mga anak naman ni Jeroham.

28Lahat sila'y kabilang sa listahan ng mga angkan bilang pinuno ng sambahayan at mga pinunong nakatira sa Jerusalem.

29Si Jeiel ang nagtatag ng bayan ng Gibeon at doon siya nanirahan. Ang asawa niya'y si Maaca.

30Ang panganay nilang anak ay si Abdon at ang sumunod ay sina Sur, Kish, Baal, Nadab,

31Gedor, Ahio, Zequer

32at Miclot, ama ni Simea. Sila'y nanirahang kasama ng kanilang mga kamag-anak sa Jerusalem, katapat ng iba nilang angkan.

**Ang Angkan ni Haring Saul**

33Si Ner naman ang ama ni Kish na ama ni Saul. Anak ni Saul sina Jonatan, Melquisua, Abinadab at Esbaal.

34Ang anak ni Jonatan ay si Merib-baal na ama naman ni Mica.

35Ang mga anak ni Mica ay sina Piton, Melec, Tarea at Ahaz.

36Anak ni Ahaz si Joada at mga anak naman nito sina Alemet, Azmavet at Zimri, na ama naman ni Moza.

37Anak ni Moza si Binea na ama nina Rafa, Elasa at Azel.

38Anim ang anak ni Azel, sina Azrikam, Bocru, Ismael, Searias, Obadias at Hanan.

39Si Esec na kapatid ni Azel ay may mga anak din. Ang panganay niya ay si Ulam at ang mga sumunod ay sina Jeus at Elifelet.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

40Ang mga anak ni Ulam ay magigiting na mandirigma at mahuhusay gumamit ng pana. Ang mga anak at apo niya'y umaabot sa 150. Lahat sila'y buhat sa lipi ni Benjamin.

## 1 Mga Cronica 9

### Mga Bumalik Mula sa Pagkabihag sa Babilonia

1Ang lahat ng mamamayan ng Israel ay naitala ayon sa kanya-kanyang lipi. Ito'y nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel*. Ang mga taga-Juda ay ipinatapon sa Babilonia bilang parusa sa kanilang kasamaan.

2Ang mga unang bumalik sa kanilang mga lunsod at lupain ay ang mga pari, mga Levita, mga tagapaglingkod sa Templo at mga karaniwang mamamayan.

3May mga angkan sina Juda, Benjamin, Efraim at Manases na tumira sa Jerusalem.

### Mga Nanirahan sa Jerusalem

4Sa angkan naman ni Peres na anak ni Juda ay si Utai na anak ni Amihud at apo ni Omri. Ang iba pang angkan niya ay sina Imri at Bani.

5Sa angkan ni Sela, si Asaya ang pinakamatanda at ang mga anak niya.

6Sa angkan ni Zera, si Jeuel at ang kanyang mga angkan, lahat-lahat ay 690 pamilya.

7Sa lipi naman ni Benjamin: si Sallu, na anak ni Mesulam, na anak ni Hodavias na anak naman ni Asenua.

8Si Ibnias na anak ni Jeroham; si Ela na anak ni Uzi na anak naman ni Micri, si Mesulam na anak ni Sefatias, na anak ni Reuel na anak ni Ibnia.

9Ang kabuuan ng kanilang mga angkan ay umaabot sa 956. Lahat sila'y pinuno ng kani-kanilang sambahayan.

### Ang mga Pari sa Jerusalem

10Sa pangkat naman ng mga pari ay kabilang sina Jedaias, Joiarib at Jaquin.

11Si Azarias na anak ni Hilkias ang pinakapuno sa Templo. Ang mga ninuno niya'y sina Zadok, Meraiot at Ahitob.

12Kasama rin si Adaya na anak ni Jeroham at apo ni Pashur na anak ni Malquias. Anak ni Malquias si Masai at apo ni Adiel. Ito'y anak ni Jazera na anak ni Mesulam na anak ni Mesilemit na anak ni Imer.

13Ang mga ito'y pinuno ng kani-kanilang sambahayan, pawang may kakayahan sa paglilingkod sa Templo at ang bilang nila ay umaabot sa 1,760.

### Ang mga Levita sa Jerusalem

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Ito naman ang listahan ng mga Levita: sa angkan ni Merari ay si Semaya na anak ni Hasub at apo ni Azrikam na anak naman ni Hashabias.

15Kabilang din sina Bacbacar, Heres at Galal. Si Matanias ay anak ni Mica na anak ni Zicri na mula sa angkan ni Asaf.

16Sa angkan ni Jeduthun ay kabilang si Obadias na anak ni Semaya at apo ni Galal, at si Berequias na anak ni Asa at apo ni Elkana. Sa mga nayon ng Netofa sila naninirahan.

**Ang mga Bantay sa Templo na Nanirahan sa Jerusalem**

17Ang mga bantay sa pinto ng Templo ay sina Sallum, Akub, Talmon at Ahiman. Ang pinuno nila ay si Sallum.

18Sila ang bantay sa pintong-pasukan ng hari sa gawing silangan ng Templo at dating bantay sa kampo ng mga anak ni Levi.

19Si Sallum ay anak ni Korah at apo ni Ebiasaf na anak ni Korah. Kasama nila ang iba pang mula sa angkan ni Korah. Sila ang nakakaalam sa pagpasok sa Templo, gaya ng kanilang mga ninuno noong sila pa ang namahala sa kampo.

20Si Finehas na anak ni Eleazar ang tagapamahala nila noon, at pinapatnubayan siya ni Yahweh.

21Si Zacarias na anak ni Meselemias ang bantay-pinto sa Toldang Tipanan.

22Ang lahat ng bantay-pinto ay umaabot sa 212. Sila'y kabilang sa listahan ng kani-kanilang nayon. Si David at ang propetang si Samuel ang naglagay sa kanila sa tungkuling ito sapagkat sila'y mapagkakatiwalaan.

23Sila at ang kanilang mga anak ang naging bantay sa pinto ng Templo.

24Sa apat na panig nito, sa silangan, sa kanluran, sa hilaga at sa timog ay may mga bantay.

25Ang mga kamag-anak nila sa mga nayon sa paligid ay dumarating doon tuwing ikapitong araw upang makatulong nila.

26Kailangan nilang gawin ito sapagkat ang apat na Levitang bantay doon ay namamahala rin sa mga silid at kayamanang nasa Templo.

27Doon na sila natutulog sa Templo, sapagkat sa kanila ipinagkatiwala ang pangangalaga at pagbabantay niyon. Sila rin ang nagbubukas ng Templo tuwing umaga.

28Ang iba sa kanila'y tagapangalaga ng mga kagamitan sa paglilingkod, sapagkat kailangang bilangin nila iyon tuwing gagamitin at ibabalik sa lalagyan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[29]Ang iba nama'y nangangalaga ng mga kasangkapan, ang iba naman ay sa mga kagamitan sa paglilingkod, tulad ng pinong harina, alak, langis, insenso at mga pabango.

[30]At ang iba pa ang taga-timpla ng mga pabango.

[31]Isa sa mga Levita na mula sa angkan ni Korah, si Matitias na panganay ni Sallum ang tagagawa ng manipis na tinapay.

[32]May ilan pang mula sa angkan ni Kohat ang tagaayos naman sa mga tinapay na handog tuwing Araw ng Pamamahinga.

[33]Ito ang mga pinuno ng mga sambahayang Levita na umaawit at doon na rin tumitira sa mga silid sa Templo. Wala silang ibang gawain, sapagkat kailangang gampanan nila ang kanilang tungkulin araw-gabi.

[34]Sila'y mga pinuno ng mga sambahayang Levita ayon sa angkan at sila'y sa Jerusalem naninirahan.

**Ang mga Ninuno at Angkan ni Haring Saul**
(1 Cro. 8:29-38)

[35]Doon din tumitira si Jelhiel, ang nagtatag ng bayan ng Gibeon. Ang asawa niya'y si Maaca.

[36]Ang mga anak nila'y sina Abdon, Zur, Kish, Baal, Ner, Nadab,

[37]Gedor, Ahio, Zacarias at Miclot.

[38]Si Miclot ang ama ni Simeam at ng iba pang kamag-anak nilang nakatira sa tapat ng Jerusalem.

[39]Si Ner ang ama ni Kish na ama naman ni Saul. Si Saul ang ama nina Jonatan, Melquisua, Abinadab at Esbaal.

[40]Ang anak ni Jonatan ay si Merib-baal na ama naman ni Mica.

[41]Ang mga anak ni Mica ay sina Piton, Melec, Tarea at Ahaz.

[42]Si Ahaz ang ama ni Jara, at si Jara naman ang ama nina Alemet, Azmavet at Zimri. Si Zimri ang ama ni Moza,

[43]at si Moza naman ang ama ni Binea na ama nina Refaya, Elasa at Azel.

[44]Ang mga anak ni Azel ay sina Azrikam, Bocru, Ismael, Seraya, Obadias at Hanan.

## 1 Mga Cronica 10

**Ang Pagkamatay ni Saul at ng Kanyang mga Anak**
(1 Sam. 31:1-13)

[1]Dinigma ng mga Filisteo ang mga Israelita; kaya't ang mga Israelita ay nagsitakas, at marami sa kanila ang namatay sa Bundok ng Gilboa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Si Saul at ang kanyang mga anak ay inabutan ng mga Filisteo; pinatay ng mga Filisteo sina Jonatan, Abinadab at Melquisua, ang mga anak ni Saul.

3Napakatindi ng labanan sa palibot ni Saul; at nang siya'y makita at panain ng mga manunudla, si Saul ay malubhang nasugatan.

4Dahil dito, sinabi ni Saul sa tagapagdala ng kanyang mga gamit-pandigma, “Saksakin mo na ako upang hindi na ako abutang buháy ng mga paganong iyan, at paglaruan pa nila.” Ngunit tumanggi ito, sapagkat natatakot siyang gawin ito. Kaya't binunot ni Saul ang kanyang espada, at sinaksak niya ang sarili.

5Nang makita ng tagapagdala na nagpakamatay si Saul, ganoon din ang ginawa nito sa kanyang sarili.

6Kaya't sabay-sabay na namatay si Saul, ang kanyang tatlong anak na lalaki, at lahat ng kanyang mga kamag-anak.

7Nang makita ng mga Israelitang nasa libis na tumakas na ang hukbo ng Israel at nang mabalitaang napatay na si Saul at ang mga anak nito, nilisan nila ang kanilang mga bayan at tumakas na rin. Kaya't nang dumating ang mga Filisteo, dito na sila nagkuta.

8Kinabukasan, nang puntahan ng mga Filisteo ang kanilang mga napatay upang samsaman, natagpuan nila sa Bundok ng Gilboa ang bangkay ni Saul at ng tatlo niyang anak.

9Hinubaran nila si Saul, pinugutan ng ulo at kinuha ang kanyang mga gamit-pandigma. Pagkatapos, nagpadala sila ng mga sugo sa buong lupain upang ibalita sa mga Filisteo at sa kanilang mga diyus-diyosan ang kanilang tagumpay.

10Ang mga gamit-pandigma ni Saul ay dinala nila sa templo ng kanilang mga diyus-diyosan at ang ulo niya'y isinabit nila sa templo ng kanilang diyos na si Dagon.

11Subalit nang mabalitaan ng mga taga-Jabes-gilead ang ginawa ng mga Filisteo kay Saul,

12nagtipun-tipon ang mga magigiting na mandirigma at kinuha nila ang bangkay ni Saul at ng kanyang mga anak. Dinala nila ang mga ito sa Jabes, at doo'y inilibing sa ilalim ng malaking puno. Pitong araw silang nag-ayuno bilang pagluluksa.

13Namatay si Saul sapagkat hindi siya naging tapat kay Yahweh at sinuway niya ang kanyang mga utos; sumangguni pa siya sa kumakausap sa espiritu ng namatay na

14sa halip na kay Yahweh. Kaya siya'y pinatay ni Yahweh at ibinigay ang paghahari kay David na anak ni Jesse.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 1 Mga Cronica 11

**Naging Hari si David**
(2 Sam. 5:1-10)

[1]Ang buong sambayanang Israel ay nagpunta kay David sa Hebron. “Kami ay dugo ng iyong dugo at laman ng iyong laman,” sabi nila.

[2]“Nang panahong hari si Saul, pinangunahan mo ang hukbo ng Israel sa pakikipaglaban, at ibinabalik mo silang muli. Sinabi sa iyo ni Yahweh na iyong Diyos ang ganito: ‘Ikaw ang magiging pastol ng aking bayang Israel. Ikaw ang mamumuno sa kanila.’”

[3]Lahat ng pinuno ng Israel ay pumunta sa Hebron, at sa harapan ni Yahweh ay gumawa si David ng kasunduan sa kanila. Binuhusan nila ito ng langis, at itinanghal na hari ng Israel. Kaya't natupad ang sinabi ni Yahweh sa pamamagitan ni Samuel.

[4]Ang Jerusalem na noo'y tinatawag na Jebus ay sinalakay ni Haring David at ng mga Israelita.

[5]Ngunit sinabi sa kanya ng mga Jebuseo na hindi siya makakapasok sa lunsod. Gayunman, pumasok din si David at nakuha nito ang kampo ng Zion, kaya't kilala ngayon ang lugar na iyon na Lunsod ni David.

[6]Bago nila pinasok ito, sinabi ni David, “Ang unang makapatay ng isang Jebuseo ay gagawin kong pinuno.” Ang unang nangahas umakyat sa kampo ay si Joab na anak ni Zeruias, kaya siya ang ginawang pinakamataas na pinuno ng hukbo.

[7]Doon tumira si David sa kampo, kaya tinawag ang lugar na iyon na Lunsod ni David.

[8]Pinalawak niya ang lunsod sa palibot nito mula sa Millo, samantalang itinayong muli ni Joab ang ibang bahagi ng lunsod.

[9]Lalong tumatag ang paghahari ni David, sapagkat pinapatnubayan siya ni Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat.

**Ang mga Bantog na Kawal ni David**
(2 Sam. 23:8-39)

[10]Ito naman ang mga pinuno ng mga magigiting na tauhan ni David na sa tulong ng buong Israel, ay nagpalakas at nagpatatag ng kanyang kaharian, sa pangako ni Yahweh.

[11]Una sa lahat, ay si Jasobeam, isang Hacmonita. Siya ang pinuno ng pangkat na Tatlo. Kahit nag-iisa, nakapatay siya ng 300 kaaway sa pamamagitan lamang ng kanyang sibat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Ang pangalawa'y si Eleazar, isa sa tinaguriang Tatlo. Siya'y anak ni Dodo na isang Ahohita.

13Si Eleazar ang kasama ni David sa Pas-dammim nang mapalaban sila sa mga Filisteo sa isang bukid ng sebada. Natakot noon ang mga Israelita, at sila'y tumakas.

14Ngunit tumayo si Eleazar sa gitna ng bukid at nakipaglaban. Sa ginawang ito, napatay niya ang mga Filisteo at nagtagumpay sa tulong ni Yahweh.

15Minsan, nang ang mga Filisteo'y nagkakampo sa kapatagan ng Higante, tatlo sa tatlumpung mga pinuno ng Israel ang bumabâ sa kampo ni David, malapit sa yungib ng Adullam.

16Noo'y nasa isang kuta si David; nasakop naman ng isang pangkat ng mga Filisteo ang Bethlehem.

17Minsa'y buong pananabik na nasabi ni David, “May magbigay sana ng tubig sa akin mula sa balon sa tabi ng pintuang papasok sa Bethlehem!”

18Nang marinig ito, sumugod agad ang tatlong magigiting na kawal, lumusot sa hanay ng mga Filisteo at kumuha nga ng tubig. Ngunit hindi ito ininom ni David. Sa halip, ibinuhos niya ito bilang handog kay Yahweh.

19Sinabi niya, “Hindi ko maiinom ito sapagkat para nang dugo nila ang aking ininom. Buhay ang itinaya nila sa pagkuha nito!” Ito ang isa sa mga kagitingang ginawa ng Tatlo.

20Si Abisai na kapatid ni Joab ay nakapatay ng tatlong daang kaaway sa pamamagitan ng sibat, kaya lalo siyang kinilala ng Bantog na Tatlumpu na kanyang pinamumunuan.

21Siya ang pinakamatapang sa Tatlumpu kaya naging pinuno ng mga ito. Ngunit hindi niya napantayan ang Tatlong mandirigma.

22Kabilang din sa mga kinilalang kawal si Benaias na anak ni Joiadang taga-Kabzeel. Siya naman ang pumatay sa dalawang mandirigma sa Moab, at lumusong sa balon minsang taglamig at pumatay sa leong naroon.

23Siya rin ang pumatay sa higanteng Egipcio na dalawa't kalahating metro ang taas at may armas na isang sibat na ang hawakan ay napakalaki. Sinagupa niya ito na ang hawak lamang niya'y batuta, ngunit naagaw niya ang sibat. Ito na rin ang ginamit niya sa pagpatay sa higante.

24Dahil sa mga ginawang ito, siya'y nakilala rin, tulad ng Tatlo.

25Nangunguna siya sa Tatlumpu, ngunit hindi rin niya nahigitan ang kagitingan ng Tatlo. Siya ang ginawa ni David na pinuno ng kanyang mga bantay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26-47 Ito pa ang ilan sa mga magigiting na kawal ni David: Asahel, kapatid ni Joab Elhanan, anak ni Dodo na mula sa Bethlehem Samot na taga-Harod Helez na taga-Pelet Ira, anak ni Iques na taga-Tekoa Abiezer na taga-Anatot Sibecai na taga-Husa Ilai na taga-Aho Maharai na taga-Netofa Heled, anak ni Baana na taga-Netofa rin Itai, anak ni Ribai na taga-Gibea sa Benjamin Benaias na taga-Piraton Hurai na mula sa kapatagan ng Gaas Abiel na taga-Arba Azmavet na taga-Bahurim Eliaba na taga-Saalbon Hasem na taga-Gizon Jonatan, anak ni Sage na taga-Arar Ahiam, anak ni Sacar na taga-Arar din Elifal, anak ni Ur Hefer na taga-Mequera Ahias na taga-Pelon Hezro na taga-Carmel Naarai, anak ni Ezbai Joel, kapatid ni Natan Mibhar, anak ni Hagri Zelec na taga-Ammon Naarai na taga-Berot, tagadala ng sandata ni Joab Ira at Gareb na taga-Jatir Urias na Heteo Zabad, anak ni Ahlai Adina, anak ni Siza na isang pinuno sa angkan ni Ruben at may sariling pangkat ng tatlumpung tao Hanan, anak ni Maaca Joshafat na taga-Mitan Uzias na taga-Asterot Sammah at Jeiel, mga anak ni Hotam na taga-Aroer Jediael at Joha, mga anak ni Simri na taga-Tiz Eliel na taga-Mahava Jeribai at Josavia, mga anak ni Elnaam Itma na taga-Moab Eliel, Obed, at Jasael na mga taga-Zoba.

## 1 Mga Cronica 12

### Ang mga Unang Tagasunod ni David Mula sa Lipi ni Benjamin

1 Narito ang mga lalaking pumunta sa Ziklag at sumama kay David noong siya'y nagtatago kay Saul. Sila'y kilalang mandirigma, kaliwa't kanan kung gumamit ng pana, at asintado sa tirador.

2 Sa lipi ni Benjamin mula sa angkan ni Saul:

3 si Ahiezer, ang pinakapinuno at si Joas ang pangalawa, parehong anak ni Semaa na taga-Gibea; sina Jeziel at Pelet na mga anak ni Azmavet; sina Beraca at Jehu na parehong taga-Anatot;

4 si Ismaias, na taga-Gibeon, isa sa mga pinuno ng Tatlumpu; sina Jeremias, Jahaziel, Johanan at Jozabad na mga taga-Gedera;

5 sina Eluzai, Jerimot, Bealias, Semarias at Sefatias na taga-Haruf;

6 sina Elkana, Isaias, Azarel, Joezer at Jasobeam na buhat sa angkan ni Korah;

7 sina Jocla at Zebadias na mga anak ni Jeroham na taga-Gedor.

### Ang mga Tagasunod ni David Mula sa Lipi ni Gad

8 Sa lipi ni Gad, ang sumama kay David ay mga mahusay na mandirigma at sanay sa paggamit ng sibat at kalasag, mababagsik na parang leon at kung kumilos ay simbilis ng mga usa sa bundok.

9 Ang pinakapinuno nila ay si Eser at ang iba pa ayon sa pagkakasunud-sunod ay sina Obadias, Eliab,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Mismana, Jeremias,

11Atai, Eliel,

12Johanan, Elzabad,

13Jeremias at Macbanai.

14Ang mga ito'y mga opisyal ng hukbo na ang pinakamaliit na
pinapamahalaan ay hindi bababâ sa isang daan at ang pinakamalaki ay isang
libo.

15Sila ang tumawid sa Ilog Jordan nang unang buwan na ito'y umaapaw at
naging dahilan nang paglikas ng mga taong naninirahan sa silangan at
kanluran ng kapatagan doon.

**Ang mga Tagasunod ni David Mula sa mga Lipi nina Benjamin at Juda**

16May iba pang mga tauhan mula sa mga lipi nina Benjamin at Juda na
sumama na rin kay David.

17Ang mga ito'y sinalubong ni David na nagsasabing, “Kung naparito kayo
bilang mga kaibigan, tatanggapin ko kayo. Ngunit kung mga kaaway, kahit
wala pa akong nagagawang karahasan, hatulan nawa kayo ng Diyos ng
aming mga ninuno.”

18Noon din si Amasai na pinuno ng Tatlumpu ay kinasihan ng Espiritu ng
Diyos at nagsabi: “Kami'y sa iyo, O David, kami'y kakampi mo, anak ni Jesse!
Kapayapaan nawa'y sumaiyo at sa mga kapanalig mo! Sapagkat Diyos ang
iyong katulong.” Malugod silang tinanggap ni David at ginawa silang mga
pinuno sa kanyang hukbo.

**Ang mga Tagasunod ni David Mula sa Lipi ni Manases**

19Mayroon ding mula sa lipi ni Manases na nakiisa kay David nang kanilang
sasalakayin si Saul, kasama ng mga Filisteo. Hindi na natuloy ang pagtulong
niya sa mga Filisteo sapagkat hindi nagtiwala sa kanya ang mga pinuno nito.
Siya'y pinaalis at sinabi, “Malalagay lamang sa panganib ang ating buhay,
sapagkat tiyak na kay Saul pa rin papanig ang taong iyan!”

20Nang bumalik na si David sa Ziklag, dumating nga sa kanya ang mga
tauhan mula sa lipi ni Manases. Ito'y sina Adna, Jozabad, Jediael, Micael,
Jozabad, Eliu at Zilletai. Bawat isa sa kanila'y pinuno ng sanlibong kawal.

21Malaki ang naitulong nila kay David at sa kanyang mga tauhan, sapagkat
sanay silang mandirigma. Ang mga ito'y ginawa niyang mga opisyal sa
kanyang hukbo.

22Araw-araw, may dumarating kay David upang tumulong, kaya't nakabuo
siya ng napakalaking hukbo.

**Ang Listahan ng Hukbo ni David**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Ito ang bilang ng mga kawal na nagpunta kay David sa Hebron upang ilipat sa kanya ang pagiging hari ni Saul ayon sa pangako ni Yahweh:

24-37Juda: 6,800 na mahuhusay gumamit ng sibat at kalasag; Simeon: 7,100 na mga kilala sa tapang at lakas; Levi: 4,600; Aaron sa pamumuno ni Joiada: 3,700; Zadok kasama ang 22 pinuno ng kanilang angkan; Benjamin, lipi ni Saul: 3,000, karamihan sa kanila'y nanatiling tapat sa angkan ni Saul; Efraim: 20,800 matatapang at kilala sa kanilang sambayanan; Kalahating lipi ni Manases: 18,000 na pinapunta upang gawing hari si David; Isacar: 200 mga pinuno kasama ang mga angkang kanilang pinamumunuan. Ang mga ito'y marunong humula ng panahon at nagpapasya kung ano ang hakbang na gagawin ng bansang Israel; Zebulun: 50,000 kawal na bihasa sa labanan at sanay sa lahat ng uri ng sandata; Neftali: 1,000 pinuno at 37,000 kawal na armado ng kalasag at sibat; Dan: 28,600 kawal na sanay sa labanan; Asher: 40,000 kawal na handa na sa labanan; Mula naman sa lipi nina Ruben, Gad at kalahating lipi ni Manases na nasa ibayo ng Jordan: 120,000 armado at bihasa sa lahat ng uri ng sandata.

38Ang lahat ng ito ay handang makipagdigma, at nagpunta sa Hebron na iisa ang layunin: gawing hari ng Israel si David.

39Tatlong araw silang kumain at uminom na kasama ni David sapagkat sila'y ipinaghanda roon ng kanilang mga kababayan.

40Maging ang mga taga kalapit-bayan ng Isacar, Zebulun at Neftali ay nagdala sa kanila ng pagkain. Dumating sila roon na dala ang mga asno, kamelyo, bisiro at toro, at sari-saring pagkain tulad ng harina, igos, mga kumpol ng tinuyong ubas, alak, langis, mga toro at tupa. Nagkaroon ng malaking pagdiriwang sa buong Israel.

## 1 Mga Cronica 13

### Ang Kaban ng Tipan ay Kinuha sa Lunsod ng Jearim

(2 Sam. 6:1-11)

1Sumangguni si David sa mga pinuno ng mga pangkat ng libu-libo at daan-daang kawal.

2Sinabi niya sa buong sambayanan ng Israel, “Kung sumasang-ayon kayo, at kung ito'y ayon sa kalooban ni Yahweh na ating Diyos, anyayahan natin dito ang mga kapatid nating wala rito, pati ang mga pari at mga Levitang nasa mga lunsod na may pastulan.

3Pagkatapos, kunin nating muli ang Kaban ng Tipan na napabayaan natin noong panahon ni Saul.”

4Sumang-ayon ang lahat sa magandang panukalang ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Kaya't tinipon ni David ang mga Israelita mula sa Sihor sa Egipto hanggang sa pasukan ng Hamat upang kunin sa Lunsod ng Jearim ang Kaban ng Tipan at dalhin sa Jerusalem.

6Pumunta silang lahat sa Baala papuntang Lunsod ng Jearim sa Juda upang kunin ang Kaban ng Tipan ng Diyos na si Yahweh, na nakaluklok sa trono sa ibabaw ng mga kerubin.

7Pagdating nila sa bahay ni Abinadab, isinakay nila ang Kaban ng Tipan sa isang bagong kariton na inaalalayan nina Uza at Ahio.

8Si David at ang buong Israel ay sumasayaw at umaawit sa saliw ng tugtugan ng mga lira, alpa, tamburin, pompiyang at trumpeta.

9Ngunit pagsapit nila sa giikan sa Quidon, natisod ang mga bakang humihila sa kariton kaya't hinawakan ni Uza ang Kaban ng Tipan upang hindi mahulog.

10Dahil dito, nagalit sa kanya si Yahweh kaya't namatay siya noon din.

11Nagalit si David dahil pinarusahan ng Diyos si Uza, kaya't ang lugar na iyon ay tinawag na Perez-uza mula noon.

12Subalit natakot rin si David sa Diyos kaya't nasabi niya, “Paano ko ngayon iuuwi ang Kaban ng Tipan?”

13Sa halip na iuwi ito sa Jerusalem, dinala niya ang Kaban sa bahay ni Obed-edom na taga-lunsod ng Gat.

14Tatlong buwan doon ang Kaban. At pinagpala ni Yahweh ang sambahayan ni Obed-edom, pati na ang lahat ng kanyang ari-arian.

## 1 Mga Cronica 14

### Ang mga Ginawa ni David sa Jerusalem

(2 Sam. 5:11-16)

1Si Hiram na Hari ng Tiro ay nagpadala ng mga sugo kay David. Binigyan niya si David ng mga kahoy na sedar at nagsugo rin siya ng mga kantero at karpintero upang gumawa ng palasyo para kay David.

2Dito nabatid ni David na pinagtibay na ni Yahweh ang pagiging hari niya sa Israel, at ang kanyang kaharian ay pinasagana alang-alang sa bayang Israel.

3Dinagdagan pa ni David ang kanyang mga asawa sa Jerusalem at nagkaanak siya ng marami.

4Ito ang mga anak niya na isinilang sa Jerusalem: sina Samua, Sobab, Natan, Solomon;

5Ibhar, Elisua, Elpelet;

6Noga, Nefeg, Jafia;

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[7]Elisama, Beeliada, at Elifelet.

### Ang Tagumpay Laban sa mga Filisteo

(2 Sam. 5:17-25)

[8]Nang mabalitaan ng mga Filisteo na si David ay itinanghal nang hari sa buong Israel, lumusob sila upang hanapin si David. Nalaman ito ni David kaya't hinarap niya ang mga Filisteo.

[9]Unang sinalakay ng mga Filisteo ang libis ng Refaim.

[10]Itinanong ni David sa Diyos, "Lalabanan ko po ba ang mga Filisteo? Magtatagumpay po ba ako laban sa kanila?" "Humayo ka," sagot ni Yahweh, "pagtatagumpayin kita laban sa iyong mga kaaway."

[11]Kaya't sinalakay niya ang mga Filisteo sa Baal-perazim, at natalo niya ang mga ito. Sinabi ni David, "Kinasangkapan ako ng Diyos upang lupigin ang mga kaaway na parang dinaanan ng rumaragasang baha." Ito ang dahilan kung bakit tinawag ang lugar na iyon na Baal-perazim.

[12]Naiwan doon ng mga kaaway ang kanilang mga diyus-diyosan at iniutos ni David na sunugin ang mga ito.

[13]Sumalakay muli sa libis ang mga Filisteo.

[14]Dahil dito, muling nagtanong sa Diyos si David. Sinabi sa kanya, "Huwag mo silang sasagupain nang harapan. Lumibot ka, at doon ka sumalakay sa may likuran, sa tapat ng mga puno ng balsam.

[15]Kapag narinig mo ang mga yabag sa itaas ng mga puno, sumalakay ka na, sapagkat pinangungunahan ka ng Diyos upang wasakin ang hukbo ng mga Filisteo."

[16]Ganoon nga ang ginawa ni David at naitaboy niya ang mga Filisteo mula sa Gibeon hanggang Gezer.

[17]Naging tanyag si David sa buong lupain, at ginawa ni Yahweh na matakot kay David ang lahat ng mga bansa.

## 1 Mga Cronica 15

### Inilipat sa Jerusalem ang Kaban ng Tipan

[1]Nagpagawa si David para sa kanyang sarili ng maraming bahay sa Jerusalem. Naghanda rin siya ng isang lugar para sa Kaban ng Tipan at nagpatayo ng isang tolda para rito.

[2]Sinabi niya, "Walang maaaring bumuhat sa Kaban ng Tipan ng Diyos maliban sa mga Levita, sapagkat sila ang pinili ni Yahweh upang magdala ng kanyang kaban at maglingkod sa kanya habang panahon."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Pagkatapos, tinipon ni David sa Jerusalem ang buong Israel upang dalhin ang Kaban ng Tipan sa lugar na inilaan para dito.

4Tinipon din niya ang mga mula sa angkan ni Aaron at ang mga Levita:

5sa angkan ni Kohat, si Uriel at ang 120 kamag-anak na pinamumunuan niya;

6sa angkan ni Merari, si Asaias at ang pinamumunuan niyang 220 mga kamag-anak;

7sa angkan ni Gershon ay si Joel at ang 130 kasama niya;

8sa angkan ni Elizafan, si Semaias at ang 200 mga kamag-anak na kanyang pinamumunuan;

9sa angkan ni Hebron, si Eliel at ang walumpung kamag-anak niya;

10at sa angkan ni Uziel, si Aminadab at ang pinamumunuan niyang 112 mga kamag-anak.

11Ipinatawag ni David ang mga paring sina Zadok at Abiatar, at ang mga Levitang sina Uriel, Asaias, Joel, Semaias, Eliel, at Aminadab.

12Sinabi niya sa kanila, "Kayo ang mga pinuno ng angkan ng mga Levita. Linisin ninyo ang inyong sarili pati ang inyong mga kapatid at dalhin ninyo ang Kaban ng Tipan ni Yahweh, ang Diyos ng Israel sa lugar na inihanda ko para dito.

13Dahil hindi namin kayo kasama nang unang buhatin ito, nagalit ang Diyos nating si Yahweh sapagkat hindi namin ginawa ang ayon sa ipinag-uutos niya."

14Kaya nilinis ng mga pari at ng mga Levita ang kanilang sarili upang dalhin ang Kaban ng Tipan ni Yahweh, ang Diyos ng Israel.

15Pinasan ito ng mga Levita sa pamamagitan ng mga kahoy na pambuhat, ayon sa iniutos ni Yahweh sa pamamagitan ni Moises.

16Inutusan din ni David ang mga pinunong Levita na pumili ng mga kapwa nila Levita upang umawit at tumugtog ng lira, alpa at pompiyang.

17Kaya kinuha nila si Heman na anak ni Joel, si Asaf na anak ni Berequias; sa angkan ni Merari, si Etan, anak ni Cusaias.

18Sa pangalawang hanay ng mang-aawit at manunugtog ay pinili nila sina Zacarias, Jaazael, Semiramot, Jehiel, Uni, Eliab, Benaias, Maasias, Matitias, Elifelehu, Micneias at sina Obed-edom at Jeiel, mga bantay sa pinto.

19Sina Heman, Asaf at Etan ang pinili nilang tumugtog ng pompiyang.

20Sina Zacarias, Aziel, Semiramot, Jehiel, Uni, Eliab, Maasias at Benaias ang tutugtog ng mga lirang mataas ang tono.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21At sina Matitias, Elifelehu, Micneias, Obed-edom, Jeiel at Azazias naman ang sa mga lirang mababa ang tono.

22Ang kukumpas sa pagtugtog ay si Quenanias, pinuno ng mga manunugtog na Levita, sapagkat siya ang sanay sa gawaing ito.

23-24Sina Berequias at Elkana kasama sina Obed-edom at Jehias ay ang mga bantay sa pinto sa kinalalagyan ng kaban. Ang iihip naman ng mga trumpeta sa harap ng Kaban ng Tipan ay ang mga paring sina Sebanias, Joshafat, Nathanael, Amazias, Zacarias, Benaias at Eliezer.

**Dinala sa Jerusalem ang Kaban ng Tipan**

(2 Sam. 6:12-22)

25Pagkatapos, si David, ang pinuno ng Israel at ang mga pinuno ng libu-libong kawal ay masayang nagpunta sa bahay ni Obed-edom upang kunin ang Kaban ng Tipan ni Yahweh.

26Sa tulong ng Diyos, nadala ng mga Levita ang Kaban ng Tipan, kaya't sila'y naghandog ng pitong toro at pitong tupang lalaki.

27Si David ay nakasuot ng kamisetang yari sa magandang telang lino, gayundin ang mga Levitang may dala sa Kaban, ang mga manunugtog at si Kenaniaz, ang pinuno ng mga manunugtog. Suot din ni David ang isang efod na lino.

28Ang buong Israel ay kasama nang kunin ang Kaban ng Tipan ni Yahweh. Sila'y nagsisigawan sa galak, hinihipan ang tambuli at trumpeta, at tinutugtog ang pompiyang, lira at alpa.

29Habang ipinapasok sa Lunsod ni David ang Kaban ng Tipan, si Mical, anak na babae ni Saul ay dumungaw sa bintana. Nang makita niyang si David ay nagsasayaw sa tuwa, siya'y labis na nainis.

## 1 Mga Cronica 16

**Ang Kaban sa Loob ng Tolda**

1Ipinasok nila ang Kaban ng Tipan sa toldang inihanda ni David para dito. Nag-alay sila ng mga handog na susunugin at handog pangkapayapaan sa harapan ng Diyos.

2Matapos makapaghandog, binasbasan ni David ang mga tao sa pangalan ni Yahweh,

3at binigyan niya ang bawat Israelita ng tinapay, karne at bibingkang may pasas.

4Naglagay rin siya ng ilang Levita na maglilingkod sa harap ng Kaban ng Tipan ni Yahweh upang manalangin, magpasalamat at magpuri kay Yahweh na Diyos ng Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Si Asaf ang pinuno at ang mga katulong niya ay sina Zacarias, Jeiel, Semiramot, Jehiel, Matitias, Eliab, Benaias, Obed-edom, at Jeiel. Ang tinutugtog nila'y mga alpa at lira, at ang kay Asaf naman ay pompiyang.

6Ang mga paring sina Benaias at Jahaziel ang tumutugtog ng mga trumpeta araw-araw sa harap ng Kaban ng Tipan ng Diyos.

7Nang araw na iyon, iniatas ni David kay Asaf at sa mga kasama nito ang tungkol sa pag-awit ng pasasalamat kay Yahweh.

**Ang Awit ng Papuri**

(Awit 105:1-15; 96:1-13; 106:1, 47-48)

8Magpasalamat kay Yahweh, tumawag sa kanyang pangalan; ang lahat ng gawa niya sa lahat ay ipaalam.

9Umawit ng pagpupuri at siya ay parangalan, ang kahanga-hangang gawa'y ibalita kahit saan.

10Dapat kayong magalak, sapagkat kayo'y kanyang bayan, ang lahat ng sumasamba sa kanya ay magdiwang.

11Lumapit kayo kay Yahweh upang tulong niya'y hingin, sa tuwina'y parangalan siya at sambahin.

12Inyong alalahanin ang mga kamangha-mangha niyang gawa, ang matuwid na paghatol at gawang kahanga-hanga.

13Mga supling ni Abraham na kanyang lingkod, ang mga hinirang niya na mga anak ni Jacob.

14Si Yahweh ang ating Diyos, nasa buong mundo ang kanyang mga utos.

15Tipan niyang walang hangga'y hindi niya lilimutin, kahit libong salinlahi ito'y kanyang tutuparin.

16Ang ginawa niyang tipan kay Abraham, pinagtibay kay Isaac ang pangakong sinumpaan.

17Kay Jacob ibinigay, pinagtibay na kautusan, walang hanggang tipan sa Israel, ito ang nilalaman:

18“Ang lupain ng Canaan sa iyo nakalaan. Ito'y isang pamana ko sa iyo at sa iyong angkan.”

19Nang sila ay kakaunti pa at walang halaga, nangibang-bayan sila't sa Canaan nakitira.

20Sa maraming bansa sila'y natatagpuan, nagpalipat-lipat sa iba't ibang kaharian.

21Di hinayaan ng Diyos sila'y alipinin, mga hari'y binalaang huwag silang aapihin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Sabi niya, “Huwag sasaktan ang bayan kong hinirang, ang mga propeta ko ay iyong igalang.”

23Umawit ka kay Yahweh, buong sanlibutan, ipahayag araw-araw, bigay niyang kaligtasan.

24Ipahayag sa mga bansa kanyang kaluwalhatian. Sabihin sa mga tao gawa niyang makapangyarihan.

25Si Yahweh ay dakila at karapat-dapat papurihan, siya ay higit sa mga diyos ng buong sanlibutan.

26Ang diyos ng mga bansa ay mga diyus-diyosan lamang, ngunit si Yahweh ang lumikha ng buong kalangitan.

27Kanya ang kaluwalhatian at karangalan, lakas at kagalakan nasa kanyang tahanan.

28Si Yahweh ay purihin ng lahat ng mga bansa, dapat siyang kilalanin na marangal at dakila.

29Kilalanin ng lahat maluwalhati niyang pangalan, bawat isa'y lumapit at siya ay handugan. Sambahin si Yahweh sa diwa ng kabanalan,

30sa harap niya ay gumalang ang lahat ng mga bansa. Ang sandigan ng daigdig ay matibay niyang ginawa.

31Magalak ang kalangitan, ang daigdig ay matuwa. “Si Yahweh ay naghahari,” ganito ang ibalita.

32Magpuri ang karagatan at ang lahat ng naroon, ang lahat sa kabukira'y magpuri kay Yahweh.

33Umawit ang mga punongkahoy na nasa kagubatan sa pagdating ni Yahweh upang lahat ay hatulan.

34Purihin si Yahweh, sa kanyang kabutihan; pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman.

35Sabihin ding: “Iligtas mo kami, O Diyos ng aming kaligtasan, tipunin mo kami ngayon at iligtas sa kalaban; upang aming pasalamatan ang banal mong pangalan at purihin ka sa iyong kaluwalhatian.”

36Purihin si Yahweh, ang Diyos ng Israel, purihin siya ngayon at magpakailanman! Pagkatapos, ang buong bayan ay sumagot ng “Amen,” at nagpuri kay Yahweh.

**Ang Pananambahan sa Jerusalem at Gibeon**

37Si Asaf at ang kanyang mga kamag-anak ay inatasan ni David na mangasiwa sa pagsambang idinaraos araw-araw sa lugar na kinalalagyan ng Kaban ng Tipan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

38Si Obed-edom kasama ang animnapu't walong kamag-anak niya ang tutulong sa kanila. Si Obed-edom na anak ni Jeduthun at si Hosa naman ang magbabantay sa pinto.

39Inatasan naman ni David si Zadok at ang mga kamag-anak nitong pari na maglingkod sa tabernakulo ni Yahweh sa Burol ng Gibeon.

40Umaga't gabi, ayon sa nakasulat sa Kautusan ni Yahweh para sa Israel, patuloy silang nag-aalay ng mga handog na susunugin sa altar.

41Kasama nila roon sina Heman at Jeduthun at iba pang pinili upang magpasalamat kay Yahweh sapagkat pag-ibig niya'y tunay at laging tapat kailanman.

42Silang dalawa ang tumutugtog ng trumpeta at pompiyang at iba pang uri ng panugtog na pansaliw sa mga awiting ukol sa Diyos. Ang mga anak naman ni Jeduthun ang ginawang bantay sa pintuan.

43Pagkatapos, nagsiuwian na ang mga tao. Si David ay umuwi na rin upang makapiling ang kanyang pamilya.

## 1 Mga Cronica 17

### Ang Mensahe ni Natan kay David

(2 Sam. 7:1-17)

1Nang si Haring David ay nakatira na sa kanyang palasyo, sinabi niya kay Propeta Natan, “Ang tahanan ko'y yari sa sedar, samantalang nasa isang tolda lamang ang Kaban ng Tipan ni Yahweh.”

2Sinabi ni Natan, “Gawin mo ang inaakala mong mabuti, sapagkat ang Diyos ay kasama mo.”

3Ngunit nang gabi ring iyon, sinabi ni Yahweh kay Natan,

4“Pumunta ka kay David na aking lingkod at sabihin mong hindi siya ang magtatayo ng Templo para sa akin.

5Sapagkat mula nang ilabas ko ang Israel mula sa Egipto hanggang sa araw na ito ay hindi pa ako nanirahan sa isang templo. Ang tahanan ko'y toldang palipat-lipat.

6Gayunman, kahit saan ako magpunta kasama ang bayang Israel, wala isa man sa mga hukom na inilagay kong tagapanguna ang sinumbatan ko o pinaghanapan man lang kung bakit hindi ako ipinagpatayo ng templong yari sa sedar.

7Sabihin mo kay David na aking lingkod na ipinapasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: ‘Inalis kita sa pagpapastol ng mga tupa upang pamunuan ang aking bayang Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Sinamahan kita saan ka man pumaroon, at sa harapan mo'y pinuksa ko ang iyong mga kaaway. Ang pangalan mo'y mapapabilang sa mga dakilang tao sa daigdig.

9Bibigyan ko ang Israel ng sariling lupain at hindi na sila pahihirapan ni gagambalain man ng masasamang tao,

10gaya ng nangyari sa kanila nang unang maglagay ako ng mga hukom sa aking bayang Israel. Papasukuin kong lahat ang iyong mga kaaway at patatatagin ko ang iyong angkan.

11Pagkamatay mo, isa sa mga anak mong lalaki ang hahalili sa iyo bilang hari, at patatatagin ko ang kanyang kaharian.

12Siya ang magtatayo ng aking templo at magiging walang katapusan ang kanyang paghahari.

13Ako'y kanyang magiging ama at siya'y aking magiging anak. Hindi magbabago ang aking pag-ibig sa kanya, di tulad ng ginawa ko sa sinundan mo.

14Siya ang pamamahalain ko sa aking bayan at kaharian habang panahon. Mananatili magpakailanman ang kanyang trono.'"

15Sinabi ni Natan kay David ang lahat nang narinig at nakita niya sa pangitain.

**Ang Panalangin ni David**

(2 Sam. 7:18-29)

16Dumulog si Haring David kay Yahweh sa Toldang Tipanan at sinabi, "PANGINOONG Yahweh, ako at ang aking sambahayan ay di karapat-dapat sa mga kabutihang ginawa mo na sa amin.

17Ang kabutihang ito'y patuloy mo pang dinaragdagan. At ngayon ay may pangako ka pa sa aking susunod na salinlahi. PANGINOONG Yahweh, itinuturing mo pa ako ngayon na isa sa mga dakilang tao.

18Sa ganitong pagpaparangal mo sa akin, ano pa ang masasabi ko? Higit mo akong kilala bilang iyong lingkod!

19Alang-alang sa akin na iyong lingkod, at ayon sa iyong kalooban, ipinahayag mo ang mga dakilang bagay na ito.

20Wala kang katulad, O Yahweh. Wala kaming kilalang Diyos na tulad mo.

21Mayroon bang bansa sa daigdig na maitutulad sa Israel? Tinubos mo siya sa pagkaalipin upang maging bayan mo. Nakilala ng marami ang iyong pangalan dahil sa ginawa mong mga kababalaghan. Pinalayas mo ang mga bansang dinatnan ng bayan mong ito na inilabas mo sa Egipto.

22Yahweh, tinanggap mo ang bayang Israel upang maging iyo magpakailanman, at kinilala ka namang Diyos nila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23“Kaya pagtibayin mo ang iyong sinabi tungkol sa iyong lingkod, at patatagin magpakailanman ang kanyang angkan.

24Kung magkagayon, kikilalanin ang iyong pangalan at dadakilain ng mga tao. At sasabihin nila, ‘Si Yahweh ang Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel.’ Patatatagin mo ang paghahari ng angkan ng iyong lingkod na si David.

25Ikaw na rin ang naghayag sa akin ng iyong pangakong patatatagin ang aking sambahayan kaya malakas ang loob kong hilingin ito sa iyo.

26Ikaw, Yahweh, ay Diyos, at ang mga dakilang pangakong ito'y ginawa mo para sa iyong lingkod.

27Kaya basbasan mo nawa ang angkan ng iyong lingkod upang magpatuloy ito sa iyong harapan magpakailanman, sapagkat ang pinagpapala mo ay pinagpapala magpakailanman.”

## 1 Mga Cronica 18

### Mga Tagumpay ni David sa Labanan

(2 Sam. 8:1-18)

1Pagkatapos nito, sinalakay ni David ang mga Filisteo at tinalo ang mga ito. Sinakop niya ang Gat at ang mga nayon nito.

2Tinalo niya ang mga Moabita at sinakop ang mga ito. Mula noo'y ipinag-utos niyang magbayad ng buwis ang mga ito.

3Tinalo rin niya si Haring Hadadezer ng Zoba sa labanan sa Hamat nang gusto nitong sakupin ang lupain sa may Ilog Eufrates.

4Nakasamsam si David ng sanlibong karwahe, nakabihag ng pitong libong mangangabayo at dalawampung libong kawal. Pumili siya ng mga kabayo para sa sandaang karwahe at kanyang nilumpo ang natira.

5Nang sumaklolo kay Hadadezer ang mga taga-Siria buhat sa Damasco, nilipol ni David ang 22,000 sa kanila.

6Pagkatapos, nagtayo siya ng mga himpilan ng hukbo sa Damasco na sakop ng Siria. Pinagbuwis niya ang mga mamamayan nito. Kahit saan, si David ay nagtatagumpay sa mga labanan sa tulong ni Yahweh.

7Ang mga pananggang yari sa ginto na nasamsam ni David sa mga alipin ni Hadadezer ay dinala niya sa Jerusalem.

8Napakaraming tanso ang nasamsam niya sa Tibha at Cun, mga lunsod ni Hadadezer. Ito ang ginamit ni Solomon sa pagpapagawa ng tansong ipunan ng tubig, mga haligi at mga sisidlang tanso para sa Templo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Nang mabalitaan ni Haring Tou ng Hamat na nalupig ni David ang buong
hukbo ni Hadadezer na hari ng Zoba,

10sinugo niya ang kanyang anak na si Hadoram upang batiin si David. Si
Hadadezer ay kaaway ni Tou. Nagpadala siya ng mga sisidlang ginto,

11pilak at tanso at ang mga ito'y inihandog ni Haring David kay Yahweh.
Inihandog din niya ang iba pang nasamsam niyang ginto at pilak mula sa
ibang mga bansa: mula sa Edom, Moab, Ammon, Filistia, at Amalek.

12Si Abisai na anak ni Zeruias ay nakapatay ng 18,000 Edomita sa Libis ng
Asin.

13Nagtayo siya ng mga himpilan ng hukbo sa Edom sapagkat ang mga
Edomita ay nasakop rin ni David. Pinagtagumpay ni Yahweh si David
saanman siya makarating.

14Naghari si David sa buong Israel at ito'y pinamahalaan niya nang may
katarungan at pagkakapantay-pantay.

15Si Joab na anak ni Zeruias ang siyang pinuno ng hukbo, at si Jehoshafat
na anak ni Ahilud ang tagapagtala.

16Si Zadok na anak ni Ahitob at si Ahimelec na anak ni Abiatar ang mga pari.
Si Seraia naman ang kalihim.

17Ang tagapangasiwa sa mga bantay sa hari ay si Benaias na anak ni Joiada.
Ang mga anak naman ni David ay nasa matataas na katungkulan.

## 1 Mga Cronica 19

**Nilupig ni David ang mga Ammonita at mga Taga-Aram**

(2 Sam. 10:1-19)

1Hindi nagtagal at namatay si Nahas na hari ng mga Ammonita. Ang anak
niyang si Hanun ang humalili sa kanya.

2Sinabi ni David, “Napakabuti sa akin ni Nahas. Kailangang kaibiganin ko rin
ang kanyang anak.” Kaya nagpadala siya ng mga sugo upang ipahatid ang
kanyang pakikiramay kay Hanun sa pagkamatay ng ama nito. Pagdating ng
mga sugo,

3sinabi kay Hanun ng mga prinsipe ng Ammon, “Naniniwala ka bang ipinadala
ni David ang mga sugong ito upang parangalan ang iyong ama? Hindi kaya
naparito ang mga iyan bilang mga espiya at upang malaman kung paano
sasakupin ang ating bansa?”

4Dahil dito'y ipinahuli ni Hanun ang mga sugo ni David, pinaahitan ng balbas
at ginupit ang kanilang kasuotan at pinauwing nakahubo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5 Ngunit nahihiya silang umuwi. Nang malaman ni David ang nangyari, iniutos niyang salubungin ang mga ito at ipinagbilin na sa Jerico muna pansamantalang manatili hanggang hindi tumutubo ang kanilang balbas.

6 Alam ng mga Ammonita na ang ginawa nila'y ikagagalit ni David, kaya nagpadala si Hanun ng 35,000 kilong pilak sa Mesopotamia, Siria, Maaca at Soba upang umupa ng mga karwahe at mangangabayo sa mga lupaing iyon.

7 Nakakuha sila ng 32,000 karwahe at nakasama pati ang hari ng Maaca at ang kanyang hukbo. Doon sila nagkampo sa tapat ng Medeba. Dumating din ang mga Ammonita mula sa kani-kanilang mga lunsod at humanda rin sa paglaban.

8 Nang malaman ito ni David, pinalabas niya ang kanyang mga mandirigma sa pangunguna ni Joab.

9 Lumabas ang mga Ammonita at humanay sa mga pasukan ng lunsod samantalang ang kanilang mga haring kakampi ay humanay naman sa kapatagang malapit doon.

10 Nang makita ni Joab na dalawang pangkat ang kaaway nila at nanganganib sila sa unahan at likuran, nagdalawang pangkat din sila. Pumili siya ng matatapang na mga Israelita at pinaharap sa mga taga-Siria.

11 Ang mga iba naman na pinangunahan ng kapatid niyang si Abisai ay pinaharap sa mga Ammonita.

12 Sinabi niya rito, “Kung matatalo kami ng mga taga-Siria, tulungan mo kami. Kung kayo naman ang matatalo ng mga Ammonita, tutulungan namin kayo.

13 Kaya lakasan ninyo ang inyong loob! Lalaban tayo nang buong tapang alang-alang sa ating mga kababayan at sa mga lunsod ng ating Diyos. Mangyari nawa ang kalooban ni Yahweh.”

14 Nang magsagupa ang pangkat ni Joab at ang mga taga-Siria, napatakbo nila ang mga ito.

15 Nang makita ng mga Ammonita ang nangyari, pati sila'y umurong papuntang lunsod. Hinabol naman sila ng pangkat ni Abisai. Pagkatapos, bumalik na si Joab sa Jerusalem.

16 Nang makita ng mga taga-Siria na wala silang kalaban-laban sa Israel, humingi sila ng tulong sa mga kasamahan nila sa ibayo ng Ilog Eufrates. Tumulong naman ang pangkat na pinamumunuan ni Sofac, pinuno ng hukbo ni Hadadezer.

17 Agad namang ibinalita ito kay David, at noon di'y inihanda niya ang buong hukbo ng Israel. Tumawid sila sa Jordan at humanda sa pakikipaglaban.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[18]Sinalakay sila ng mga taga-Siria, ngunit napaurong na naman ito ng hukbo ng Israel. Nakapatay sila ng 7,000 nakakarwahe, at 40,000 kawal na lakad kasama ang kanilang pinuno na si Sofac.

[19]Nang matalo ng Israel ang mga haring kakampi ni Hadadezer, sumuko ang mga ito, nakipagkasundo kay David at nagpasakop sa kanya.

[20]Mula noon, ayaw nang tumulong ng mga taga-Siria sa mga Ammonita.

## 1 Mga Cronica 20

### Pinarusahan ang mga Ammonita

(2 Sam. 12:26-31)

[1]Nang sumapit ang tagsibol, panahon na karaniwang ang mga hari'y nakikipagdigma, lumabas ang hukbo ng Israel na pinamumunuan ni Joab at sinalakay ang lupain ng mga Ammonita. Umabot sila sa Rabba. Kinubkob nila ito, at pagkatapos ay sinunog nila. Subalit si David ay nagpaiwan sa Jerusalem.

[2]Kinuha ni David sa ulo ng diyus-diyosang si Molec ang koronang ginto nito na tumitimbang ng tatlumpu't limang kilo. Tinanggal niya mula rito ang nakapalamuting mamahaling bato at inilagay niya sa kanyang sariling korona. Marami siyang kinuha mula sa nasamsam sa lunsod.

[3]Binihag niya ang mga mamamayan. Binigyan niya ang mga ito ng mga lagari at iba't ibang matatalim at matutulis na kasangkapang bakal, at sila'y sapilitang pinagtrabaho. Ganoon din ang ginawa niya sa lahat ng mamamayan ng iba pang lunsod ng mga Ammonita. Pagkatapos, si David at ang buong bayan ay bumalik na sa Jerusalem.

### Pakikipaglaban sa mga Higanteng Filisteo

(2 Sam. 21:15-22)

[4]Pagkatapos nito ay nakipaglaban naman sila sa mga Filisteo sa Gezer. Sa labanang ito, napatay ni Sibecai na Husatita si Sipai, na nagmula sa lahi ng mga higante, at natalo ang mga Filisteo.

[5]Sa isa pang pakikidigma laban sa mga Filisteo, si Lahmi na kapatid ni Goliat na taga-Gat ay napatay ni Elhanan na anak ni Jair. Ang hawakan ng kanyang sibat ay sinlaki ng hawakan na ginagamit sa habihan ng tela.

[6]Sa isa pang labanan na naganap naman sa Gat, may isa pang higante roon na may dalawampu't apat na daliri, tig-aanim sa paa't kamay.

[7]Nang laitin nito ang Israel, pinatay ito ni Jonatan, ang pamangkin ni David sa kanyang kapatid na si Simea.

[8]Ang mga higanteng ito'y buhat sa lahi ng mga higanteng taga-Gat, at napatay silang lahat ni David at ng mga tauhan niya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

## 1 Mga Cronica 21

**Ang Sensus at ang Salot**
(2 Sam. 24:1-25)

1Nais guluhin ni Satanas ang Israel kaya inudyukan nito si David na magsensus.

2Dahil dito, inutusan ng hari si Joab at ang mga pinuno ng hukbo na alamin ang bilang ng mga Israelita mula sa Beer-seba hanggang sa Dan, at iulat sa kanya.

3Ngunit sinabi ni Joab, “Halimbawang ang mga tao'y paramihin ni Yahweh nang makasandaang beses, hindi ba't sila'y mga lingkod mo pa rin, at ikaw ang kanilang marangal na hari? Bakit pa ninyo kailangang gawin ito, Kamahalan? Bakit pa ninyo bibigyan ng dahilan upang magkasala ang Israel?”

4Ngunit nanaig ang utos ng hari. Kaya't si Joab ay naglibot sa buong lupain at pagkatapos ay nagbalik sa Jerusalem.

5Iniulat niya kay David ang kabuuang bilang ng kalalakihang maaaring gawing kawal: sa Israel ay 1,100,000 at sa Juda naman ay 470,000.

6Ngunit hindi niya isinama sa sensus ang lipi nina Levi at Benjamin, sapagkat labag sa kanyang kalooban ang utos na ito ng hari.

7Nagalit ang Diyos sa ginawang ito, kaya pinarusahan niya ang Israel.

8Sinabi ni David sa Diyos, “Napakalaking kasalanan ang nagawa ko, Yahweh! Patawarin mo sana ako sa aking kahangalan.”

9Sinabi ni Yahweh kay Gad, ang propeta ni David,

10-11“Pumunta ka kay David at sabihin mo sa kanya, ‘Sinabi ni Yahweh, pumili ka sa tatlong bagay na maaari kong gawin sa iyo.’” Pumunta nga si Gad kay David at pinapili ito:

12tatlong taóng taggutom, tatlong buwang pananalanta ng mga kaaway, o tatlong araw na pananalanta ng Diyos sa pamamagitan ng salot sa buong Israel na isasagawa ng anghel ni Yahweh. “Magpasya ka ngayon upang masabi ko ito kay Yahweh,” sabi ni Gad kay David.

13“Napakahirap ng kalagayan ko,” sagot ni David. “Gusto kong si Yahweh ang magparusa sa akin sapagkat mahabagin siya. Ayaw kong tao ang magparusa sa akin.”

14Nagpadala nga ng salot sa Israel si Yahweh, at pitumpung libo ang namatay sa kanila.

15Sinugo ng Diyos ang isang anghel ni Yahweh upang wasakin ang Jerusalem, ngunit nang wawasakin na ito, ikinalungkot ni Yahweh ang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

nangyayari. Kaya't sinabi niya, “Tama na! Huwag mo nang ituloy iyan.” Ang anghel noon ay nakatayo sa tabi ng giikan ni Ornan na isang Jebuseo.

16 Tumingala si David at nakita niya ang anghel ni Yahweh sa pagitan ng langit at lupa. May hawak itong espada at nakaamba sa Jerusalem. Si David at ang matatandang pinuno ay nagsuot ng damit-panluksa, at nagpatirapa.

17 Tumawag siya sa Diyos, “Ako po ang nag-utos na alamin ang bilang ng mga tao. Walang kasalanan ang mga taong-bayan. Kaya ako at ang aking angkan na lamang ang inyong parusahan. Huwag ninyong idamay sa salot ang mga tao.”

18 Si Gad ay inutusan ng anghel ni Yahweh upang sabihin kay David na magpunta sa giikan ni Ornan na Jebuseo at magtayo roon ng altar para kay Yahweh.

19 Sumunod naman si David sa ipinapasabi ni Yahweh kay Gad.

20 Gumigiik noon si Ornan kasama ang apat niyang anak na lalaki. Nang makita nila ang anghel, nagtago ang mga anak niya.

21 Nakita ni Ornan na dumarating si David, kaya't sinalubong niya ito. Nagpatirapa siya bilang pagbibigay-galang.

22 Sinabi ni David, “Bibilhin ko ang lupang ito para pagtayuan ko ng altar ni Yahweh upang matigil na ang salot na namiminsala sa bayan.”

23 “Sa inyo na lang po ito at huwag na ninyong bayaran,” sagot ni Ornan. “Kayo na po ang bahala kung anong gusto ninyong gawin. Narito pa po ang mga toro para sa handog na susunugin at ang mga kahoy na ginagamit sa paggiik para gawing panggatong. Narito rin po ang trigo para sa handog na pagkaing butil. Lahat pong ito'y sa inyo na.”

24 Ngunit sinabi ni David kay Ornan, “Hindi! Ibibigay ko sa iyo ang eksaktong bayad. Hindi ako maghahandog kay Yahweh ng bagay na hindi akin at ng anumang walang halaga.”

25 Kaya't binili ni David kay Ornan ang lugar na iyon sa halagang animnaraang pirasong ginto.

26 Nagtayo siya roon ng altar para kay Yahweh at nagdala ng handog na susunugin at handog pangkapayapaan. Nanalangin siya kay Yahweh at sumagot naman si Yahweh sa pamamagitan ng apoy buhat sa langit upang sunugin ang mga handog sa ibabaw ng altar.

27 Iniutos ni Yahweh sa anghel na isuksok na ang espada, at sumunod naman ito.

28 Noon natiyak ni David na pinakinggan siya ni Yahweh. Kaya't nag-alay si David ng mga handog sa giikang pag-aari noon ni Ornan na Jebuseo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29Noon, ang tabernakulo ni Yahweh na ginawa ni Moises sa ilang, at ang altar na sunugan ng mga handog ay nasa burol na lugar ng pagsamba sa Gibeon.

30Ngunit hindi makapunta doon si David upang sumangguni sa Diyos sapagkat natatakot siya sa espada ng anghel ni Yahweh.

## 1 Mga Cronica 22

1Sinabi ni David, "Dito itatayo ang Templo ng PANGINOONG Yahweh. Dito rin ilalagay ang altar ng mga susunuging handog para sa Israel."

### Mga Paghahanda para sa Pagtatayo ng Templo

2Iniutos ni David na magtipon ang lahat ng mga dayuhan sa Israel, at inatasan niya ang ilan sa mga ito na maging tagatapyas ng mga batong gagamitin sa itatayong Templo ng Diyos.

3Naghanda siya ng maraming bakal para gawing pako at pang-ipit sa mga pintuan at nag-ipon din siya ng tanso na sa sobrang bigat ay hindi na matimbang.

4Napakaraming tabla at trosong sedar ang dinala ng mga taga-Sidon at taga-Tiro.

5Sinabi ni David, "Napakabata pa ng anak kong si Solomon at wala pa siyang karanasan. Dahil dito'y ihahanda ko ang lahat ng kailangan sa ipatatayo niyang Templo ni Yahweh. Kailangang ito'y walang kasingganda upang ito'y matanyag at hahangaan ng buong daigdig." Naghanda nga si David ng napakaraming kagamitan bago pa siya namatay.

6Ipinatawag niya ang anak niyang si Solomon, at sinabi, "Ipagtatayo mo ng bahay si Yahweh, ang Diyos ng Israel."

7Sinabi niya rito, "Anak, matagal ko nang binalak na magtayo ng templo upang parangalan ang aking Diyos na si Yahweh

8ngunit sinabi niya sa akin na marami na akong napatay at napakaraming hinarap na labanan. Dahil sa bahid ng dugo sa aking mga kamay, hindi niya ako pinayagang magtayo ng templo para sa kanya.

9Ngunit ipinangako niyang pagkakalooban niya ako ng isang anak na lalaki. Mamumuhay ito nang payapa at hindi gagambalain ng kanyang mga kaaway habang siya'y nabubuhay. Tatawagin siyang Solomon sapagkat bibigyan ko ang Israel ng kapayapaan at kapanatagan sa panahon ng kanyang paghahari.'

10Sinabi pa niya sa akin, 'Siya ang magtatayo ng templo para sa akin. Magiging anak ko siya at ako'y magiging ama niya. Patatatagin ko ang paghahari ng kanyang angkan sa Israel magpakailanman!'"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Sinabi pa ni David, “Samahan ka nawa ng iyong Diyos na si Yahweh. Tuparin nawa niya ang kanyang pangako na pagtatagumpayin ka niya sa pagtatayo ng templo para sa kanya.

12Bigyan ka nawa ng Diyos mong si Yahweh ng karunungan at pang-unawa upang pagharian mo ang Israel ayon sa kanyang Kautusan.

13Magtatagumpay ka kung susundin mong mabuti ang mga utos at tuntuning ibinigay ni Yahweh kay Moises para sa Israel. Magpakatatag ka at lakasan mo ang iyong loob. Huwag kang matakot ni panghinaan man ng loob.

14Sinikap kong magtipon ng lahat ng kailangan sa pagpapatayo ng Templo ni Yahweh. Nakaipon ako ng may 3,500,000 kilong ginto, at humigit-kumulang sa 35,000,000 kilong pilak. Ang tinipon kong tanso't bakal ay hindi na kayang timbangin dahil sa sobrang bigat. Nakahanda na rin ang mga kahoy at batong kailangan. Dagdagan mo pa ang mga ito.

15Marami ka nang manggagawa: mga tagatapyas ng bato, mga kantero, mga karpintero, at lahat ng uri ng napakaraming manggagawa na eksperto sa

16ginto, pilak, tanso at bakal. Simulan mo na ngayon ang gawain at tulungan ka nawa ni Yahweh!”

17Inatasan ni David ang mga pinuno ng Israel na tulungan si Solomon. Sabi niya,

18“Kayo ay patuloy na pinapatnubayan ni Yahweh. Hindi niya kayo iniiwanan kaya nagtatamasa kayo ng kapayapaan saanmang lugar. Niloob niyang malupig ko ang mga dating naninirahan sa lupaing ito. Sila ngayon ay alipin ninyo at ni Yahweh.

19Kaya, paglingkuran ninyo si Yahweh nang buong puso't kaluluwa. Simulan na ninyo ang pagtatayo ng santuwaryo niya upang madala na roon ang Kaban ng Tipan ni Yahweh at ang lahat ng sagradong kagamitan para sa pagsamba sa kanya.”

## 1 Mga Cronica 23

### Ang Gawain ng mga Levita

1Nang matandang matanda na si David, ginawa niyang hari ng Israel ang anak niyang si Solomon.

2Tinipon ni David ang mga pinuno ng Israel, ang mga pari at ang mga Levita.

3Ang mga nabilang na Levita mula sa gulang na tatlumpung taon pataas ay 38,000.

4Ang mga inatasan sa pangangalaga at paglilingkod sa Templo ay 24,000. Ang ginawang mga opisyal at mga hukom ay 6,000,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5at 4,000 ang kinuhang mga bantay sa pintuan. Ang magpupuri kay Yahweh sa saliw ng mga instrumentong ginawa ni David ay 4,000 rin.

6Pinagtatlong pangkat ni David ang mga Levita ayon sa tatlong anak ni Levi na sina Gershon, Kohat at Merari.

7Ang mga anak ni Gershon ay sina Ladan at Simei.

8Tatlo ang anak ni Ladan: si Jehiel na pinuno, si Zetam at si Joel.

9Tatlo rin ang anak ni Simei: sina Zelomit, Haziel at Haran. Sila ang mga pinuno ng mga angkan na nagbuhat kay Ladan.

10Apat ang anak ni Simei na kapatid ni Ladan: sina Jahat, Zina, Jeus at Berias.

11Si Jahat ang pinuno at si Zisa naman ang kanang kamay. Kakaunti ang mga anak na lalaki nina Jeus at Berias kaya't pinagsama na sila at ibinilang na iisang angkan.

12Apat ang anak ni Kohat: sina Amram, Izar, Hebron at Uziel.

13Mga anak ni Amram sina Aaron at Moises. Si Aaron at ang kanyang mga anak ay ibinukod upang mangalaga sa mga ganap na sagradong bagay habang panahon. Sila ang magsusunog ng mga handog sa harapan ni Yahweh, maglilingkod at magbabasbas sa pangalan ni Yahweh magpakailanman.

14Ngunit ang mga anak ni Moises, ang lingkod ng Diyos, ay ibinilang na kasama ng mga Levita.

15Ang mga anak ni Moises ay sina Gershon at Eliezer.

16Sa mga anak ni Gershon, si Sebuel ang pinuno;

17kay Eliezer naman ay si Rehabias na kaisa-isa niyang anak na lalaki. Si Rehabias naman ay maraming anak.

18Sa mga anak ni Izar, na pangalawang anak ni Kohat, si Zelomit ang pinuno.

19Ang apat na anak ni Hebron ay sina Jerias na pinuno, Amarias, Jahaziel at Jecamiam.

20Sa mga anak naman ni Uziel, si Micas ang pinuno at si Isias ang pangalawa.

21Ang mga anak ni Merari ay sina Mahli at Musi. Mga anak ni Mahli sina Eleazar at Kis.

22Namatay si Eleazar na walang anak na lalaki, kundi panay babae. Sila ay napangasawa ng kanilang mga pinsan na mula sa angkan ni Kish.

23Tatlo naman ang mga anak ni Musi: sina Mahli, Eder at Jeremot.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Ito ang bumubuo sa lipi ni Levi ayon sa angkan at sambahayan. Bawat isa, mula sa edad na dalawampu pataas ay katulong sa paglilingkod sa Templo ni Yahweh.

25Sinabi ni David, "Binigyan na ni Yahweh, na Diyos ng Israel, ng kapayapaan ang kanyang bayan, at maninirahan na siya sa Jerusalem magpakailanman.

26Dahil dito'y hindi na bubuhatin ng mga Levita ang tabernakulo at ang mga kagamitan sa paglilingkod dito."

27Iyan ang dahilan kaya ipinapalista ang mga Levita mula sa gulang na dalawampu pataas.

28Sila'y tutulong na lamang sa mga paring mula sa angkan ni Aaron sa paglilingkod sa loob ng Templo ni Yahweh. Sila ang mangangalaga sa mga bulwagan, mga silid, mga sagradong kasangkapan, at iba pang mga gawain sa Templo ng Diyos.

29Sila rin ang tutulong sa paghahanda ng tinapay na panghandog, ng harinang panghalo sa mga panghandog, ng manipis na tinapay na walang pampaalsa, mga nilutong handog, at ng harinang hinaluan ng langis. Tutulong din sila sa pagtakal at pagsukat ng mga handog.

30Umaga't hapon, haharap sila kay Yahweh upang magpuri at magpasalamat,

31at kung may handog na susunugin, sa mga Araw ng Pamamahinga, Pista ng Bagong Buwan at mga takdang kapistahan ayon sa bilang at patakarang ipinag-uutos, sa harapan ni Yahweh, sa lahat ng panahon.

32Ang mga Levita nga ang mangangalaga sa Toldang Tipanan at sa dakong banal, at tutulungan nila ang mga paring kamag-anak nila sa lahat ng paglilingkod sa Templo ni Yahweh.

## 1 Mga Cronica 24

### Ang Gawain ng mga Pari

1Ito ang mga pangkat ng mga angkan ni Aaron: ang mga anak niya ay sina Nadab, Abihu, Eleazar, at Itamar.

2Sina Nadab at Abihu ay naunang namatay kaysa kay Aaron at wala silang anak kaya sina Eleazar at Itamar lamang ang naging mga pari.

3Sa tulong nina Zadok na anak ni Eleazar, at ni Ahimelec na anak ni Itamar, ang mga kabilang sa angkan ni Aaron ay hinati ni David sa mga pangkat at binigyan ng kani-kanilang tungkulin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Marami ang pinuno ng mga sambahayan sa angkan ni Eleazar kaysa kay Itamar. Kaya sa dalawampu't apat na pangkat, labing-anim ang napili mula sa angkan ni Eleazar at walo naman ang kay Itamar.

5Pinili sila ni David sa pamamagitan ng palabunutan sapagkat maging sa angkan ni Eleazar at ni Itamar ay may mga tagapangasiwa sa loob ng dakong banal at may mga tagapanguna sa pagsamba.

6Si Semaias na anak ng Levitang si Netanel ang naglista ng mga pangalan, at ginawa niya ito sa harapan ng hari. Nasaksihan din ito ng mga prinsipe, ni Zadok na pari, ni Ahimelec na anak ni Abiatar, at ng mga pinuno ng angkan ng mga pari at Levita. Isang sambahayan ng mga pari ang inilista sa panig ni Eleazar at isa rin kay Itamar.

7-18Ito ang pagkakasunud-sunod ng paglilingkod mula sa una hanggang sa ikadalawampu't apat na pangkat ayon sa palabunutan: Jehoiarib, Jedaias, Harim, Seorim, Malaquias, Mijamin, Hacos, Abias, Jeshua, Secanias, Eliasib, Jaquim, Jupa, Jesebeab, Bilga, Imer, Hezer, Afses, Petaya, Hazaquiel, Jaquin, Gamul, Delaias, Maasias.

19Ito ang kaayusan at takdang panahon ng paglilingkod nila sa Templo ni Yahweh ayon sa itinatag ng kanilang ninunong si Aaron, gaya ng utos sa kanya ni Yahweh, ang Diyos ng Israel.

### Ang Listahan ng mga Levita

20Ito ang iba pang mga pinuno ng mga angkan sa lipi ni Levi: si Subael sa angkan ni Amram at si Jehedias sa angkan ni Subael;

21si Isias na isang pinuno sa angkan ni Rehabias;

22si Zelomot sa angkan ng Isharita, at si Jahat sa angkan ni Zelomot;

23sina Jerias, Amarias, Jahaziel, at Jecamiam sa angkan ni Hebron;

24si Micas sa angkan ni Uziel; si Samir sa angkan ni Micas;

25si Isias na kapatid ni Micas at si Zacarias sa angkan ni Isias;

26sina Mahli at Musi sa angkan ni Merari; si Beno sa angkan ni Jaazias;

27sina Beno, Soham, Zacur at Ibri, mga anak ni Jaazias sa angkan ni Merari.

28-29Si Mahli ay may dalawang anak, sina Eleazar at Kish. Si Eleazar ay walang anak, ngunit si Kish ay mayroong isang anak, si Jerameel.

30Sina Mahli, Eder at Jerimot ay mga anak ni Musi. Sila ang mga angkan ng mga Levita.

31Ang mga ito, tulad ng mga kamag-anak nila mula sa angkan ni Aaron ay nagpalabunutan din maging sila'y pinuno ng sambahayan o hindi. Sinaksihan

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ito ni Haring David, nina Zadok at Ahimelec, at ng mga pinuno ng sambahayan ng mga pari at mga Levita.

## 1 Mga Cronica 25

### Ang mga Mang-aawit sa Templo

1Pinili ni David at ng mga pinuno ng mga Levita ang mga anak nina Asaf, Heman at Jeduthun upang manguna sa pagsamba. Tungkulin nilang magpahayag ng salita ng Diyos sa saliw ng lira, alpa, at pompiyang. Ito ang listahan ng kanilang mga pangalan at ang kani-kanilang tungkulin:

2sina Zacur, Jose, Netanias at Asarela. Sila ay pinangunahan ni Asaf na kanilang ama sa pagpapahayag ng salita ng Diyos sa ilalim ng pamamahala ng hari.

3Sina Gedalias, Zeri, Jesaias, Hashabias, Matitias at Simei ay pinangunahan ng ama nilang si Jeduthun sa pagpapahayag ng salita ng Diyos nang may pagpupuri at pasasalamat kay Yahweh sa saliw ng lira.

4Sina Bukias, Matanias, Uziel, Sebuel, Jerimot, Hananias, Hanani, Eliata, Gedalti, Romamti-ezer, Josbecasa, Maloti, Hotir at Mahaziot

5ay mga anak ni Heman na propeta ng hari—labing-apat na lalaki at tatlong babae. Ang mga ito ang itinalaga ng Diyos kay Heman upang tumugtog ng tambuli.

6Ang kanilang ama ang namahala sa kanilang pag-awit sa Templo ni Yahweh, gayundin sa pagtugtog ng pompiyang, alpa, at lira. Sina Asaf, Jeduthun at Heman na namamahala sa kani-kanilang mga anak ay nasa ilalim ng pamamahala ng hari.

7Ang bilang ng mga ito kasama na ang iba pa nilang mga kamag-anak na pawang nagsanay sa pag-awit kay Yahweh ay 288.

8Sama-sama silang nagpalabunutan para malaman ang kanilang tungkulin, bata at matanda, guro at mag-aaral.

9-31Ang 288 na ito ay hinati, ayon sa kani-kanilang sambahayan, sa dalawampu't apat na pangkat na tiglalabindalawa. Ang bawat isa ay pinamahalaan ng isang pinuno. Ito ang pagkakasunud-sunod nila ayon sa kani-kanilang tungkulin: 1) Si Jose sa sambahayan ni Asaf; 2) si Gedalia; 3) si Zocur; 4) si Zeri; 5) si Netanias; 6) si Bukias; 7) si Azarel; 8) si Jesaias; 9) si Matanias; 10) si Simei; 11) si Uziel; 12) si Hashabias; 13) si Sebuel; 14) si Matitias; 15) si Jerimot; 16) si Hananias; 17) si Josbecasa; 18) si Honani; 19) si Maloti; 20) si Eliata; 21) si Hotir; 22) si Gidalti; 23) si Mahaziot; at 24) si Romamti-ezer.

## 1 Mga Cronica 26

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang mga Bantay sa Pinto ng Templo

1Ito naman ang mga pangkat ng mga bantay sa pinto ng Templo: sa angkan ni Korah ay si Meselemias na anak ni Korah, buhat sa pamilya ni Asaf.

2Ang pito niyang anak ay si Zacarias na siyang panganay, kasunod sina Jediael, Zebadias, Jatniel,

3Elam, Jehohanan at Eliehoenai.

4Pinagpala ng Diyos si Obed-edom. Binigyan siya ng walong anak na lalaki; si Semaias na panganay, kasunod sina Jehozabad, Joa, Sacar, Natanel,

5Amiel, Isacar, at Peulletai.

6Si Semaias ay may mga anak na naging pinuno ng kanilang sambahayan, sapagkat sila'y mahuhusay at bihasa. Ang pangkat ng mga ito'y binubuo

7nina Otni, Refael, Obed, Elzabad, at ang dalawa pa niyang anak na matatapang din, sina Elihu at Semaquias.

8Ang mga anak at apo ni Obed-edom na pawang may kakayahang maglingkod ay animnapu't dalawa.

9Labingwalo naman ang mga kamag-anak na pinamumunuan ni Meselemias at pawang matatapang din.

10Kabilang din ang pangkat ni Hosa, mula sa angkan ni Merari na binubuo ng kanyang mga anak. Si Simri, bagama't hindi panganay ay ginawang pinuno ng sambahayan ng kanyang ama.

11Kasama rin ang iba pang mga anak niyang sina Hilkias, Tebalias at Zacarias. Labingtatlo ang mga anak at kamag-anak ni Hosa.

12Ang mga pangkat na ito ng mga bantay-pinto sa pangunguna ng pinuno ng kanilang sambahayan ay may kanya-kanyang pananagutan sa paglilingkod sa Templo ni Yahweh gaya ng kanilang mga kamag-anak.

13Nagpalabunutan sila ayon sa kani-kanilang sambahayan, para malaman kung aling pinto ang kanilang babantayan.

14Ang pinto sa silangan ay napunta kay Selemias, at ang gawing hilaga ay sa anak niyang si Zacarias, isang mahusay na tagapayo.

15Kay Obed-edom napunta ang gawing timog, at sa kanyang mga anak naman ang mga bodega.

16Ang pinto sa kanluran at ang pinto ng Sallequet sa daang paakyat ay napunta kina Supim at Hosa. May kanya-kanyang takdang oras ang kanilang pagbabantay.

17Sa gawing silangan, anim ang bantay araw-araw. Sa hilaga at timog ay tig-aapat, at tig-dadalawa naman sa bodega.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[18]Sa malaking gusali sa gawing kanluran, apat sa labas at dalawa sa loob.

[19]Ito ang mga pangkat ng mga bantay sa pinto mula sa mga angkan ni Korah at ni Merari.

### Ibang Tungkulin sa Templo

[20]Ang mga Levita sa pangunguna ni Ahias ang namahala sa kabang-yaman ng Templo at sa bodega ng mga kaloob sa Diyos.

[21]Si Ladan na isa sa mga anak ni Gershon ay ninuno ng maraming angkan, kasama na ang pamilya ng kanyang anak na si Jehiel.

[22]Ang mga pinuno ng pangkat ni Jehiel ay ang kanyang mga anak na sina Zetam at Joel. Sila ang namahala sa mga kabang-yaman ng Templo.

[23]Ang mga Amramita, Isharita, Hebronita, at Uzielita ay binigyan din ng tungkulin.

[24]Si Sebuel na anak ni Gershon at apo ni Moises ang siyang pinunong namahala sa mga kabang-yaman.

[25]Sa angkan ni Eliezer, ang namahala ay ang mga anak niyang sina Rehabias, Jesaias, Joram, Zicri at Selomit.

[26]Si Selomit at ang kanyang mga kamag-anak ang namahala sa bodega ng mga kaloob na inialay ni Haring David, ng mga pinuno ng sambahayan, at ng mga pinuno ng hukbo.

[27]Buhat sa mga nasamsam sa pakikidigma, naglalaan sila ng bahaging panustos sa pangangalaga sa Templo ni Yahweh.

[28]At lahat ng kaloob na inialay ni propeta Samuel, ni Saul na anak ni Kish, ni Abner na anak ni Ner at ni Joab na anak ni Zeruias, ay inilagay sa pangangalaga ni Selomit at ng kanyang mga kamag-anak.

### Ang mga Tungkulin ng Iba pang Levita

[29]Mula naman sa angkan ni Ishar, si Kenanias at ang kanyang mga anak ang inilagay na mga tagapagtala at mga hukom.

[30]Sa sambahayan ni Hebron, si Hashabias at ang kanyang mga kamag-anak na may bilang na 1,700 na pawang mahuhusay ang nangalaga sa bansang Israel, sa gawing kanluran ng Jordan. Sila ang namahala sa gawain ukol kay Yahweh, at ang naglingkod sa hari ay 1,700.

[31]Ayon sa talaan ng angkan ni Hebron, si Jerijas ang kanilang pinuno. Noong ikaapatnapung taon ng paghahari ni David, sinaliksik ang kasaysayan ng angkan ni Hebron at natuklasan na sa Jazer ng Gilead ay may mga lalaking may pambihirang kakayahan.

[32]Pumili si Haring David ng 2,700 mga pinuno ng sambahayan at pawang mahuhusay mula sa kamag-anak ni Jerijas upang mamahala sa lipi nina

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Ruben, Gad, at sa kalahating lipi ni Manases. Sila ang pinamahala ni David sa lahat ng bagay na may kinalaman sa Diyos at sa hari.

## 1 Mga Cronica 27

### Ang Organisasyong Sibil at Militar

1Ito ang listahan ng mga Israelitang pinuno ng kani-kanilang angkan at mga pinuno ng libu-libo at daan-daan, gayundin ang mga pinuno ng hukbong naglingkod sa hari. Sila ay pinagpangkat-pangkat ng tig-24,000 at maglilingkod bawat buwan sa pangunguna ng kani-kanilang pinuno.

2Si Jasobeam, anak ni Zabdiel, ang namahala sa pangkat na naglingkod sa unang buwan. Siya'y namuno sa 24,000 katao.

3Mula siya sa angkan ni Peres, at siya ang pangkalahatang pinuno.

4Si Dodai na taga-Aho ang namahala sa ikalawang buwan.

5Ang namahala naman sa ikatlong buwan ay si Benaias, anak ng paring si Joiada.

6Siya ang Benaias na pinuno ng Tatlumpung Matatapang na Mandirigma. Ang namahala sa kanyang pangkat ay ang anak niyang si Amizabad.

7Ang pangkat naman na nanungkulan sa ikaapat na buwan ay pinamahalaan ni Asahel, kapatid ni Joab. Ang humalili sa kanya ay ang anak niyang si Zebadias.

8Ang pangkat namang nanungkulan sa ikalimang buwan ay pinamahalaan ni Samhut na taga-Ishar.

9Ang namahala naman sa pangkat na nanungkulan sa ikaanim na buwan ay si Ira, anak ni Ikes na taga-Tekoa.

10Ang pangkat para sa ikapitong buwan ay pinamahalaan ni Helez, anak ni Efraim at taga-Pelon.

11Ang pangkat sa ikawalong buwan ay pinamahalaan naman ni Sibecai na taga-Husa, mula sa angkan ni Zera.

12Ang pangkat na nanungkulan sa ikasiyam na buwan ay pinamahalaan ni Abiezer na isang taga-Anatot, buhat sa lipi ni Benjamin.

13Ang pangkat namang nanungkulan sa ikasampung buwan ay pinamahalaan ni Maharai na taga-Netofa, mula sa angkan ni Zera.

14Ang pangkat na nanungkulan sa ikalabing isang buwan ay pinamahalaan naman ni Benaias na isang taga-Peraton, mula sa lipi ni Efraim.

15Ang pangkat na nanungkulan sa ikalabindalawang buwan ay pinamahalaan naman ni Heldai, taga-Netofa, buhat sa angkan ni Otniel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang mga Namahala sa mga Lipi ng Israel

16 Ito ang mga namahala sa Israel: sa lipi ni Ruben ay si Eliezer na anak ni
Zicri; sa lipi ni Simeon ay si Sefatias na anak ni Maaca;

17 sa lipi ni Levi ay si Hashabias na anak ni Kemuel; sa angkan ni Aaron ay si
Zadok;

18 sa lipi naman ni Juda ay si Elihu, isa sa mga kapatid ni David; sa lipi ni
Isacar ay si Omri na anak ni Micael;

19 sa lipi ni Zebulun ay si Ismaias na anak ni Obadias; sa lipi ni Neftali ay si
Jerimot na anak ni Azriel;

20 sa lipi ni Efraim ay si Hosea na anak ni Azarias; sa kalahating lipi ni
Manases ay si Joel na anak ni Pedaias.

21 Ang namahala naman sa kalahating lipi ni Manases na nasa Gilead ay si
Iddo na anak ni Zacarias; sa lipi ni Benjamin ay si Jaasiel na anak ni Abner;

22 at sa lipi naman ni Dan ay si Azarel na anak ni Jeroham.

23 Hindi na ibinilang ni David sa sensus ang mga Israelitang wala pang
dalawampung taóng gulang sapagkat ipinangako ng Diyos na pararamihin
niyang sindami ng mga bituin sa langit ang mga Israelita.

24 Ang sensus ay sinimulan ni Joab, anak ni Zeruias ngunit hindi niya ito
natapos sapagkat nagalit ang Diyos sa Israel sa ginawang ito. Kaya't hindi na
napabilang ang mga ito sa listahan ni Haring David.

### Ang mga Namahala sa Kayamanan ng Hari

25 Ang namahala sa mga kabang-yaman ng hari ay si Azmavet na anak ni
Abdiel, ngunit sa mga kayamanang nasa mga lalawigan, lunsod, nayon, at
ang nasa mga tore, ang namahala ay si Jonatan na anak ni Uzias.

26 Si Ezri na anak ni Kelub ang ginawang tagapamahala ng mga magsasaka.

27 Si Simei na isang taga-Rama ang namahala sa mga ubasan, at si Zabdi na
isang taga-Sephan ang namahala naman sa imbakan ng alak.

28 Si Baalhahan na isang taga-Geder ang namahala sa mga tanim na olibo at
sikamoro sa Sefela, at sa bodega naman ng langis ay si Joas.

29 Si Sitrai na taga-Saron ang namahala sa mga kawan sa pastulan ng Saron
at si Safat, anak ni Adlai ang namahala naman sa mga kawan na nasa
kapatagan.

30 Sa mga kamelyo naman, ang namahala ay si Obil na isang Ismaelita; sa
mga inahing asno ay si Jedeias na taga-Meronot, at sa mga kawan ay si Jaziz
na Hagrita.

31 Ang lahat ng ito'y mga katiwala ng mga ari-arian ni David.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang mga Tagapayo ni David

[32]Si Jonatan, ang tiyo ni David, ang kinuhang tagapayo ng mga anak ng hari sapagkat siya'y matalino at dalubhasa. Magkatulong sila ni Jehiel, anak ni Hacmoni, sa pagtuturo sa mga anak ng hari.

[33]Ang tagapayo naman ng hari ay si Ahitofel; at si Husai naman, na isang Arkita, ang matalik na kaibigan ng hari.

[34]Nang mamatay si Ahitofel ay pumalit sa kanya si Joiada na anak ni Benaias at si Abiatar. Si Joab naman ang pinakamataas na pinuno ng hukbo ng hari.

## 1 Mga Cronica 28

### Mga Tagubilin ni David tungkol sa Templo

[1]Tinipon ni David sa Jerusalem ang lahat ng mga pinuno ng Israel, lahat ng pinuno ng mga lipi, lahat ng namamahala ng mga pangkat na naglilingkod sa hari, ang mga pinuno ng mga libu-libo at mga pinuno ng mga daan-daan. Tinawag din niya ang mga katiwala ng mga ari-arian, at ng mga kawan ng hari, at ng mga anak niya, lahat ng mga may tungkulin sa palasyo, lahat ng matatapang na lalaki, at lahat ng mahuhusay na mandirigma.

[2]Nang naroon na ang lahat, tumayo siya at nagsalita, “Mga kapatid at mga kababayan, matagal ko nang minimithi na magtayo ng isang permanenteng tahanan para sa Kaban ng Tipan na siyang tuntungan ng Diyos nating si Yahweh. Inihanda ko na ang lahat ng kailangan upang maitayo ito.

[3]Ngunit sinabi sa akin ng Diyos na hindi ako ang magtatayo ng Templo para sa kanya sapagkat ako'y isang mandirigma at may bahid ng maraming dugo ang aking kamay.

[4]Subalit sa sambahayan ng aking ama, ako ang pinili ni Yahweh, ang Diyos ng Israel upang maghari sa bansang ito magpakailanman. Ang pinili niyang mangunguna ay si Juda, at nagmula sa lipi nito ang pamilya ng aking ama. Sa amin namang pamilya, ako ang kanyang itinalaga para maging hari ng buong Israel.

[5]Binigyan ako ni Yahweh ng maraming anak at mula sa kanila, si Solomon ang pinili niya upang umupo sa trono ng Israel, ang kaharian ni Yahweh.

[6]Ang sabi niya sa akin, ‘Ang iyong anak na si Solomon ang magtatayo ng aking Templo, sapagkat siya ang pinili kong maging anak, at ako naman ang magiging ama niya.

[7]Patatatagin ko ang kanyang kaharian magpakailanman kung patuloy niyang susundin ang aking mga utos at tuntunin gaya ng ginagawa niya ngayon.’

[8]Kaya nga, sa harapan ng buong Israel na bayan ni Yahweh, at ng Diyos na ngayo'y nakikinig, inaatasan ko kayo na sundin ninyong mabuti ang kautusan ng Diyos ninyong si Yahweh upang manatiling sa inyo ang masaganang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

lupaing ito at maipapamana naman ninyo sa inyong mga salinlahi magpakailanman.

9“At ikaw naman, Solomon, anak ko, kilalanin mo ang Diyos ng iyong ama at paglingkuran mo siya nang buong puso at pag-iisip, sapagkat sinisiyasat ni Yahweh ang ating damdamin at nauunawaan ang ating binabalak at iniisip. Kung lalapit ka sa kanya, tatanggapin ka niya. Ngunit kung tatalikuran mo siya, itatakwil ka niya magpakailanman.

10Alalahanin mong ikaw ang pinili ni Yahweh upang magtayo ng kanyang banal na Templo. Magpakatatag ka at gawin mo ito nang may paninindigan.”

**Ibinigay kay Solomon ang Plano ng Templo**

11Ibinigay ni David kay Solomon ang mga plano ng mga gusali ng Templo, ng mga kabang-yaman, ng mga silid sa itaas, ng mga silid sa loob at ng silid para sa banal na trono ng awa.

12Ibinigay din niya ang plano para sa mga bulwagan at mga silid sa palibot nito at ang kabang-yaman ng Templo ng Diyos at ang bodega para sa mga kaloob na ukol kay Yahweh.

13Ibinigay din niya ang plano para sa organisasyon ng mga pari at Levita at ang paghahati-hati sa mga gawaing may kinalaman sa paglilingkod sa Templo, at sa mga kagamitan dito.

14Itinakda niya ang timbang ng ginto o pilak na gagawing mga sisidlan,

15mga ilawan at patungan ng mga ito.

16Gayundin ang timbang ng ginto na ibabalot sa bawat mesa na pagpapatungan ng tinapay na handog, at ang pilak na gagamitin sa bawat mesang pilak.

17Itinakda rin niya ang timbang ng purong ginto na gagawing mga tinidor, mga palanggana, mga kopa, at mga gintong mangkok, gayundin ang pilak at gintong gagamitin sa mga mangkok.

18Itinakda rin niya ang timbang ng purong ginto para sa altar na sunugan ng insenso, pati ang plano at gintong gagamitin sa karwahe ng mga kerubin na ang mga pakpak ay tumatakip sa Kaban ng Tipan ni Yahweh.

19Sinabi ni David, “Ang lahat ng ito ay nasa plano na ginawa ayon sa utos ni Yahweh at siyang kailangang isagawa.”

20Pagkatapos, sinabi ni David sa kanyang anak na si Solomon, “Magpakatatag ka, lakasan mo ang iyong loob at gawin mo ito. Huwag kang matatakot ni panghinaan ng loob sapagkat ang PANGINOONG Yahweh, na aking Diyos ay kasama mo. Hindi ka niya bibiguin. Hindi ka niya pababayaan hangga't hindi mo natatapos ang lahat ng bagay na kailangan sa paglilingkod sa kanyang Templo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[21]Narito ang mga pangkat ng mga pari at mga Levita na handa para sa lahat ng gawain sa Templo ng Diyos. Narito rin ang mga ekspertong manggagawa, ang buong bayan at ang kanilang mga pinuno na handang tumulong at sumunod sa iyo sa anumang oras.”

## 1 Mga Cronica 29

### Ang mga Kaloob para sa Templo

[1]Ipinahayag ni Haring David sa buong kapulungan, “Ang anak kong si Solomon na pinili ng Diyos upang humalili sa akin ay bata pa at walang sapat na karanasan. Napakalaki ng gawaing kakaharapin niya, sapagkat ang gagawin niya ay hindi isang palasyo para sa tao kundi Templo para sa PANGINOONG Yahweh.

[2]Dahil dito, sinikap kong magtipon ng mga gagamitin para sa Templo ng aking Diyos tulad ng ginto, pilak, tanso, bakal at kahoy. Napakarami ng inihanda kong batong onise at iba pang mahahalagang batong pampalamuti, at lahat ng uri ng mahahalagang bato at marmol.

[3]Hindi lang iyan, pati na ang sarili kong pilak at ginto ay inilaan ko na rin sa gawaing ito, sapagkat kasiyahan kong magkaroon ng Templo ang aking Diyos.

[4]May nakalaan akong 105,000 kilong ginto na mula pa sa Ofir, at 245,000 kilong purong pilak na ididikit sa mga dingding ng Templo,

[5]at sa iba pang bagay na gagawin ng mga mahuhusay na platero. Sino sa inyo ngayon ang kusang-loob na magbibigay para kay Yahweh?”

[6]Sumang-ayon agad ang mga pinuno ng mga sambahayan, ang mga pinuno ng mga lipi, ang mga pinuno ng mga hukbo at ang mga katiwala ng hari.

[7]Kusang-loob silang nagbigay, at ang natipon para sa gagawing templo ay 175,000 kilong ginto, 350,000 kilong pilak, 630,000 kilong tanso, at 3,500,000 kilong bakal.

[8]Ipinagkaloob nila ang kanilang mahahalagang bato sa kabang-yaman ng Templo ni Yahweh na nasa pamamahala ni Jehiel na mula sa angkan ni Gershon.

[9]Masayang-masaya ang mga tao sa kanilang mga kusang-loob na panghandog kay Yahweh, at labis din itong ikinatuwa ni Haring David.

### Pinuri ni David si Yahweh

[10]Sa harapan ng mga tao'y tuwang-tuwa si David na nagpuri kay Yahweh. Sinabi niya, “Purihin kayo magpakailanman, Yahweh, ang Diyos ni Israel na aming ama.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Sa inyo ang kadakilaan, ang kapangyarihan, ang karangalan at ang pagtatagumpay sapagkat inyo ang lahat ng nasa langit at nasa lupa. Sa inyo ang kaharian at kayo ang dakila sa lahat.

12Sa inyo nagmumula ang kayamanan at ang karangalan at kayo ang naghahari sa lahat. Taglay ninyo ang kapangyarihan at kadakilaan, at kayo ang nagbibigay ng lakas at kapangyarihan sa lahat.

13Pinasasalamatan namin kayo, O Diyos, at pinupuri ang inyong maluwalhating pangalan.

14“Ngunit sino ako at ang bayang ito? Buong puso kaming nagkakaloob sapagkat ang lahat ng ito ay galing sa inyo at ibinabalik lamang namin.

15Tulad ng aming mga ninuno, kami nga'y mga dayuhan at naglalakbay lamang. Ang buhay namin sa daigdig na ito ay parang anino at pansamantala lamang.

16O Yahweh na aming Diyos, ang lahat ng kayamanang ito na aming ibinigay para ipagpagawa ng inyong tahanan ay sa inyo rin nagmula.

17Alam kong sinasaliksik ninyo ang puso ng bawat tao, at natutuwa kayo sa mga matuwid. O Diyos, buong puso kong ipinagkakaloob sa inyo ang lahat ng ito. Nasaksihan ko rin ang buong puso at may kagalakang pagkakaloob ng inyong bayan na narito ngayon.

18Yahweh, Diyos nina Abraham, Isaac at Jacob na aming mga ninuno, panatilihin ninyo sa isipan ng inyong bayan ang mga layuning ito, at akayin ninyo silang palapit sa inyo.

19Tulungan ninyo ang anak kong si Solomon na maging tapat sa pagsunod sa inyong mga utos at tuntunin upang maitayo niya ang Templong aking pinaghandaan.”

20At sinabi ni David sa sambayanan, “Purihin ninyo ang Diyos ninyong si Yahweh!” Pinuri nga ng buong kapulungan si Yahweh, ang Diyos ng kanilang mga ninuno. Yumuko ang lahat, sumamba kay Yahweh, at nagbigay-galang sa hari.

21Kinabukasan, ang dinala nilang handog na susunugin ay 1,000 toro, 1,000 tupang lalaki, 1,000 kordero at mga alak na handog, at napakaraming handog para sa buong Israel.

22Masasaya silang nagsalu-salo sa harapan ni Yahweh noong araw na iyon. Minsan pa nilang ipinahayag na si Solomon na anak ni David ay hari, at binuhusan ito ng langis sa pangalan ni Yahweh. Si Zadok naman ay hinirang bilang pari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Mula noon, umupo si Solomon sa tronong itinatag ni Yahweh bilang kahalili ng kanyang amang si David. Naging matagumpay siya at sumunod sa kanya ang buong Israel.

24Nanumpa ng katapatan kay Haring Solomon ang mga pinuno at mandirigma, pati na ang iba pang anak ni Haring David.

25Binigyan ni Yahweh si Solomon ng dakilang karangalan at katanyagang higit sa mga naging hari sa Israel.

**Ang Buod ng Paghahari ni David**

26Si David na anak ni Jesse ay naghari sa buong Israel.

27Apatnapung taon siyang naghari: pitong taon sa Hebron, at tatlumpu't tatlong taon naman sa Jerusalem.

28Nabuhay siya nang matagal, at namatay na mayaman at marangal. Si Solomon ang humalili sa kanya bilang hari.

29Ang lahat ng pangyayari sa buong panahon ng paghahari ni David ay nakasulat sa mga aklat ng mga propetang sina Samuel, Natan at Gad.

30Sa mga aklat na iyon nakasulat kung paano siya namahala, gaano kalawak ang kanyang kapangyarihan at ang mga nangyari sa kanya sa Israel, at sa lahat ng mga kaharian sa paligid.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 2 Mga Cronica

## 2 Mga Cronica 1

### Binigyan ng Karunungan si Solomon

(1 Ha. 3:1-15)

1Naging matatag ang paghahari ni Solomon na anak ni David sapagkat pinagpapala siya ng Diyos niyang si Yahweh at pinalakas ang kanyang kapangyarihan.

2Ipinatawag niya ang mga pinunong namamahala sa libu-libo at sa daan-daan, ang lahat ng may kapangyarihan at ang buong bayan.

3Isinama niya ang mga ito sa burol ng Gibeon, sa Toldang Tipanan, na ginawa ni Moises noong sila'y nasa ilang.

4Ngunit wala roon ang Kaban ng Tipan sapagkat ito'y kinuha ni David sa Lunsod ng Jearim at dinala sa Jerusalem, sa toldang itinayo niya roon.

5Ang nasa Gibeon, sa harap ng tabernakulo ni Yahweh, ay ang altar na tanso na ginawa ni Bezalel, anak ni Uri at apo ni Hur.

6Pagdating sa Gibeon, nag-alay si Solomon ng sanlibong handog na susunugin sa altar na tanso na nasa loob ng Toldang Tipanan.

7Kinagabihan, nagpakita ang Diyos kay Solomon at sinabi sa kanya: “Sabihin mo kung ano ang gusto mo, at ibibigay ko sa iyo.”

8Sumagot si Solomon: “Napakabuti ninyo sa aking amang si David. At ngayo'y ginawa ninyo akong hari kahalili niya.

9PANGINOONG Yahweh, natupad sa akin ang pangako ninyo sa kanya. Ginawa ninyo akong hari ng isang lahing sindami ng alabok sa lupa.

10Kaya ngayon, ang hiling ko'y bigyan ninyo ako ng karunungan at kaalaman upang mapamahalaan ko ang bayang ito. Kung hindi, paano ko pamamahalaan ang malaking bayang ito?”

11“Mabuti ang hiniling mo,” sagot ng Diyos kay Solomon. “Hindi ka naghangad ng kayamanan o karangalan. Hindi mo hinihiling ang kamatayan ng iyong mga kaaway o pahabain ang iyong buhay. Sa halip, ang hiningi mo'y karunungan at kaalaman sa pamamalakad sa bayang ito na niloob kong pagharian mo.

12Ipinagkakaloob ko sa iyo ang hinihingi mo. At hindi lamang iyan! Bibigyan pa kita ng kayamanan at karangalan na kailanma'y hindi nakamtan ng mga haring nauna sa iyo, at hindi kakamtan ng mga susunod pa.”

13Pagkatapos sumamba sa Gibea, bumalik si Solomon sa Jerusalem. At siya'y naghari sa Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang Kayamanan at Kapangyarihan ni Solomon

(1 Ha. 10:26-29)

14Nagtatag si Solomon ng isang hukbong binubuo ng 1,400 karwahe at 12,000
mangangabayo. Ang mga ito'y inilagay niya sa mga bayang himpilan ng mga
karwahe at sa Jerusalem upang bantayan ang hari.

15Sa panahon ng paghahari ni Haring Solomon, ang ginto at pilak sa
Jerusalem ay naging pangkaraniwan lamang na parang bato, at ang kahoy
na sedar ay naging sindami ng sikamoro sa paanan ng mga burol.

16Ang mga kabayo niya'y galing pa sa Egipto at sa Cilicia, na binibili ng
kanyang mga tagapamili.

17Bumibili rin siya ng mga karwahe sa Egipto sa halagang 600 pirasong pilak
ang isa, at sa 150 pirasong pilak naman ang isang kabayo. Ang mga ito'y
ipinagbibili naman niya sa mga hari ng mga Heteo at mga Arameo.

## 2 Mga Cronica 2

### Paghahanda sa Pagtatayo ng Templo

(1 Ha. 5:1-18)

1Nagpasya si Solomon na magtayo ng templo na kung saan ay sasambahin
si Yahweh, at ng palasyo para sa kanyang sarili.

2Naglagay si Solomon ng 80,000 katao na tagatibag ng bato sa kabundukan,
70,000 tagahakot, at 3,600 tagapamahala.

3Pagkatapos ay sumulat siya kay Haring Hiram ng Tiro na ganito ang
sinasabi: "Kung paano ninyo pinakitunguhan ang aking amang si David at
pinadalhan ninyo ng mga kahoy na sedar na ginamit niya sa pagtatayo ng
kanyang palasyo, gayundin po sana ang gawin ninyo sa akin.

4Ngayon po'y magtatayo ako ng isang templo na kung saan ay sasambahin
ang aking Diyos na si Yahweh. Magiging banal na lugar iyon para sa kanya
bilang dakong sunugan ng insenso at pag-aalayan ng tinapay at handog na
susunugin sa umaga, sa hapon, sa Araw ng Pamamahinga, sa Pista ng
Bagong Buwan at sa mga takdang kapistahan ni Yahweh na aming Diyos,
sapagkat ito'y utos sa Israel magpakailanman.

5Malaki ang templong ipatatayo ko sapagkat mas dakila ang aming Diyos
kaysa alinmang diyos.

6Ngunit sino nga ba ang makakapagtayo ng isang templong maaaring tirahan
niya gayong maging sa kataas-taasang langit ay hindi siya magkasya. At sino
naman ako upang ipagtayo siya ng templo? Ang ipatatayo ko'y isa lamang
templong mapagsusunugan ng mga handog sa harap niya.

7Kaya kung maaari, padalhan ninyo ako ng isang taong mahusay na panday
ng ginto, pilak, tanso at bakal, sanay humabi ng mga telang kulay ube, pula

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

at asul, at mahusay din naman sa pag-ukit. Siya ang mamamahala sa aking mga manggagawa rito sa Juda at sa Jerusalem, sa mga tauhang inihanda ng aking amang si David.

8Padalhan din ninyo ako ng mga kahoy na sedar, sipres at algum na galing sa Lebanon. Alam kong bihasa ang mga tauhan ninyo sa pagputol ng kahoy sa Lebanon. Magpapadala ako ng aking mga tauhan upang tumulong.

9Maraming kahoy ang kailangan kong ihanda sapagkat malaki at kahanga-hanga ang templong aking ipatatayo.

10Ako ang bahala sa pagkain ng inyong mga tauhang magpuputol ng kahoy. Bibigyan ko sila ng 20,000 malalaking sisidlan na puno ng trigo, 20,000 malalaking sisidlan na puno ng sebada, 2,000 malalaking sisidlan na puno ng alak at 2,000 malalaking sisidlan na puno ng langis."

11Ganito naman ang sagot ni Haring Hiram: "Dahil sa pag-ibig ni Yahweh sa kanyang bayan, kayo ang ginawa niyang hari.

12Purihin si Yahweh, ang Diyos ng Israel na lumikha ng langit at lupa. Binigyan niya si Haring David ng isang anak na matalino, may karunungan at kaalaman na siyang magtatayo ng Templo ni Yahweh at ng kanyang palasyo.

13At ngayon, papupuntahin ko sa inyo si Huram, isang taong matalino at mahusay sa lahat ng trabaho.

14Ang ina niya'y mula sa lipi ni Dan; taga-Tiro naman ang kanyang ama. Isa siyang mahusay na panday ng ginto, pilak, tanso, bakal, bato at kahoy. Sanay siyang gumawa ng mga kagamitang bato o kahoy man. Bihasa siyang humabi ng mga telang kulay ube, pula at asul at ng linong mamahalin. Magaling din siyang umukit ng anumang uri ng disenyong ipapagawa sa kanya. Kaya niyang gawin ang anumang iutos ninyo sa kanya, kasama ng mga manggagawa ninyo at ng inyong mahal na amang si David.

15Kaya ipadala na ninyo rito ang trigo, sebada, langis at alak na inyong ipinangako,

16at magpapaputol na kami ng lahat ng kahoy na kailangan ninyo. Mula sa Lebanon ay palulutangin namin sa dagat ang mga kahoy hanggang Joppa. Buhat naman doon ay kayo na ang magpahakot patungo diyan sa Jerusalem."

17Ipinakuha ni Solomon ang bilang ng lahat ng dayuhan sa Israel, tulad ng ginawa ni David. At ang nabilang nila ay 153,600 dayuhan.

18Inatasan niya ang 70,000 sa paghahakot, at ang 80,000 sa pagtitibag ng bato sa bundok. Ang 3,600 naman ay ginawa niyang tagapamahala ng mga manggagawa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 2 Mga Cronica 3

### Ang Templo sa Jerusalem

(1 Ha. 6:1-38)

1 Ang Templo ni Yahweh sa Jerusalem ay sinimulang itayo ni Solomon sa Bundok ng Moria, sa giikan ng Jebuseong si Ornan. Inihanda ni David ang pook na iyon matapos magpakita sa kanya si Yahweh.

2 Sinimulan niya ang pagtatayo noong ikalawang buwan ng ikaapat na taon ng kanyang paghahari.

3 Ito ang sukat ng Templo sa Jerusalem: dalawampu't pitong metro ang haba at siyam na metro ang luwang ayon sa matandang sukatan.

4 Ang haba ng portiko sa dakong harap ng Templo ay siyam na metro—kapantay ng luwang ng Templo at limampu't apat na metro naman ang taas. Binalutan niya ng lantay na ginto ang loob nito.

5 Ang bulwagan ay pinatakpan ni Solomon ng mga tablang sipres. Pagkatapos, pinabalutan niya ito ng purong ginto at pinalagyan ng disenyo ng mga punong palma at kadena.

6 Pinalamutian pa niya ito ng magagandang batong hiyas at gintong galing sa Parvaim.

7 Binalutan niya ng ginto ang mga biga at hamba ng mga pinto at ang mga dingding ng Templo. Pinaukitan pa niya ang mga dingding ng mga larawan ng kerubin.

8 Ang haba naman ng Dakong Kabanal-banalan ay siyam na metro—kapantay ng luwang ng Templo—at siyam na metro ang luwang. Binalot din niya ito ng lantay na ginto na umabot sa 21,000 kilo,

9 at dalawampung onsa naman ang ginto na ginamit sa paggawa ng mga pako. Binalot din ng ginto ang mga dingding ng mga silid sa itaas.

10 Nagpagawa siya ng dalawang rebultong kerubin na yari sa kahoy sa loob ng Dakong Kabanal-banalan. Binalot din ito ng ginto.

11 Siyam na metro ang kabuuang haba ng mga pakpak ng dalawang kerubin, dalawa't kalahating metro ang bawat isang pakpak. Ang dulo ng isang pakpak ng unang kerubin ay abot sa dingding at ang dulo naman ng kabilang pakpak ay abot sa dulo ng pakpak ng ikalawang kerubin.

12 Gayundin naman, ang dulo ng isang pakpak ng pangalawang kerubin na dalawa't kalahating metro ang haba ay abot sa kabilang dingding at ang dulo ng kabilang pakpak ay abot naman sa dulo ng pakpak ng unang kerubin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Kaya't ang nasasakop ng kanilang mga pakpak ay siyam na metro. Nakatayo ang mga rebultong kerubin at parehong nakaharap sa bulwagan ng Templo.

14Ang ginamit na tabing ay mga telang hinabi sa lanang kulay asul, kulay ube, at kulay pula, at mamahaling lino. Pinaburdahan pa ito ng mga larawan ng kerubin.

### Ang Dalawang Haliging Tanso

(1 Ha. 7:15-22)

15Sa harap ng Templo, nagtayo siya ng dalawang haligi na labing-anim na metro ang taas at ang taas naman ng pinagkakabitan nito sa itaas ay dalawa't kalahating metro.

16Nagpagawa siya ng mga kadena at isinabit iyon na parang kuwintas sa ibabaw ng mga haligi, at ikinabit sa mga kadena ang sandaang bunga ng granadang yari sa tanso.

17Itinayo niya sa magkabilang tagiliran ng pasukan ng Templo. Ang nasa kanan ay tinawag na Jaquin at ang nasa kaliwa ay tinawag na Boaz.

## 2 Mga Cronica 4

### Mga Kasangkapan sa Bulwagan ng Templo

(1 Ha. 7:23-51)

1Gumawa siya ng isang altar na tanso na siyam na metro ang haba, siyam na metro din ang luwang, at apat at kalahating metro ang taas.

2Gumawa rin siya ng malaking ipunan ng tubig na yari sa tanso. Ito'y isang malaking kawa, apat at kalahating metro ang luwang ng labi, dalawa't kalahating metro naman ang lalim at labingtatlo't kalahating metro ang sukat pabilog.

3Sa gilid nito'y may palamuting hugis toro na nakapaikot, sampu sa bawat apat at kalahating metro. Ang mga palamuti ay nakahanay nang dalawa na hinulma kasama ng kawa.

4Ang patungan ng lalagyang ito ay labindalawang torong magkakatalikod: tatlo sa hilaga, tatlo sa timog, tatlo sa kanluran at tatlo sa silangan.

5Tatlong pulgada ang kapal ng kawa at ang labi nito'y hugis kopa, parang bulaklak na liryo. Maaaring maglaman ito ng tatlong libong baldeng tubig.

6Nagpagawa rin siya ng sampung palangganang hugasan, lima sa gawing kanan at lima sa kaliwa. Doon nililinis ang mga handog na susunugin at sa malaking kawa naman naghuhugas ang mga pari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7 Gumawa rin siya ng sampung ilawang ginto, katulad ng ipinagawa ni Yahweh kay Moises. Ipinalagay naman niya ang mga ilawang ito sa Dakong Banal, lima sa gawing kanan at lima sa kaliwa.

8 Pagkatapos, nagpagawa siya ng sampung hapag at ipinalagay rin sa Dakong Banal, lima sa gawing kanan at lima sa gawing kaliwa. Nagpagawa rin siya ng sandaang mangkok na ginto.

9 Gumawa rin siya ng bulwagan ng mga pari, at ng bulwagang malaki, pati ng mga pinto nito. Ang mga pintong ito ay binalot niya ng tanso.

10 Inilagay niya ang malaking kawa sa gawing kanan sa dakong timog-silangang sulok ng Templo.

11 Gumawa rin si Huram ng mga lalagyan ng abo, mga pala at mga kalderong sahuran ng dugo. Tinapos nga ni Huram ang lahat ng ipinagawa sa kanya ni Haring Solomon para sa Templo ng Diyos:

12 ang dalawang haliging tanso, ang hugis mangkok na nasa itaas ng mga haligi at ang dalawang hanay ng palamuti na parang lambat na nakapaligid dito;

13 ang apatnaraang granadang tanso na dalawang hanay ang pagkakabit sa mga palamuting hugis mangkok sa itaas ng mga haligi;

14 ang sampung palanggana at ang sampung patungan ng mga ito;

15 ang malaking kawang tanso at ang labindalawang rebultong toro na kinapapatungan nito;

16 ang mga lalagyan ng abo, mga pala at mga pantusok at iba pang kasangkapan. Ang mga kasangkapang ito na yari lahat sa makinis na tanso ay ginawa ni Huram para sa Templo ni Yahweh ayon sa utos ni Haring Solomon.

17 Ipinahulma ng hari ang lahat ng ito sa kapatagan ng Jordan, sa pagitan ng Sucot at Zereda.

18 Sa dami ng mga kagamitang ito na ipinagawa ni Solomon, hindi na matiyak ang kabuuang timbang ng ginamit na tanso.

19 Ipinagawa rin ni Solomon ang mga kasangkapan sa loob ng Templo ng Diyos: ang altar na ginto, ang mga mesa para sa tinapay na handog;

20 ang mga ilawang lantay na ginto, pati ang mga ilawang dapat sindihan sa harap ng Dakong Kabanal-banalan, ayon sa Kautusan;

21 ang mga palamuting bulaklak, ang mga ilawan at ang mga sipit na pawang gintong lantay;

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22ang mga pampatay ng ilaw, mga palanggana, mga lalagyan ng insenso at mga lalagyan ng baga ay pawang lantay na ginto. Pati ang mga pinto ng Templo, at ng Dakong Kabanal-banalan ay balot din ng ginto.

## 2 Mga Cronica 5

1Nang matapos na ang lahat ng ipinagawa ni Solomon para sa Templo, ipinasok niya sa kabang-yaman ng Templo ang lahat ng bagay na inilaan para dito ng kanyang amang si David: ginto, pilak, mga lalagyan at iba pang kagamitan.

### Dinala sa Templo ang Kaban ng Tipan

(1 Ha. 8:1-9)

2Pinulong ni Solomon sa Jerusalem ang matatandang pinuno ng Israel, ang lahat ng pinuno ng mga lipi at ng mga angkan upang kunin sa Zion, sa Lunsod ni David, ang Kaban ng Tipan.

3Kaya't nagtipun-tipon ang kalalakihan ng Israel noong ikapitong buwan, Pista ng mga Tolda.

4Pagdating ng pinuno ng Israel, binuhat ng mga Levita ang Kaban ng Tipan

5at dinala sa Templo. Ipinasok din ng mga pari at ng mga Levita ang Toldang Tipanan pati ang mga banal na kagamitan nito sa loob ng Templo.

6Pagkatapos, si Haring Solomon at ang buong kapulungan ng Israel na nagkakatipon sa harap ng kaban ay naghandog ng mga baka at mga tupa na sa dami ay hindi na mabilang.

7At ipinasok ng mga pari ang Kaban ng Tipan sa Dakong Kabanal-banalan. Inilagay nila ito sa ilalim ng mga pakpak ng mga kerubin.

8Nakabuka ang mga pakpak ng mga kerubin kaya't nalulukuban ng mga iyon ang Kaban ng Tipan at ang mga pasanan nito.

9Ang mga pasanan ay lampas sa magkabilang dulo ng Kaban at nakikita ito mula sa Dakong Kabanal-banalan. Ngunit hindi ito nakikita sa labas. Ganito pa rin ang ayos ng lahat ng iyon hanggang ngayon.

10Walang laman ang Kaban kundi ang dalawang tapyas ng batong inilagay roon ni Moises noong sila'y nasa Sinai. Ito ang mga tapyas ng batong kinasusulatan ng kasunduang ginawa ni Yahweh sa bayang Israel noong umalis sila sa Egipto.

### Ang Kaluwalhatian ni Yahweh

11Ang lahat ng paring naroon, kahit na iba't ibang pangkat ay naghanda ng kani-kanilang sarili sa paglilingkod. At paglabas nila mula sa Templo,

12nakatayo naman sa gawing silangan ng altar ang mga mang-aawit na Levita: sina Asaf, Heman at Jeduthun, kasama ang kanilang mga anak at

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

mga kapatid. Nakadamit sila ng mamahaling lino at tumutugtog ng pompiyang, alpa at lira, kasaliw ng mga trumpeta na hinihipan ng 120 pari.

13Ang mga umiihip ng trumpeta at ang mga mang-aawit ay sama-samang nagpupuri at nagpapasalamat kay Yahweh. Sa saliw ng mga trumpeta, pompiyang at iba pang mga instrumento ay inaawit nila ang ganito: “Purihin si Yahweh sa kanyang kabutihan! Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman.” At ang Templo, ang tahanan ng Diyos, ay napuno ng ulap.

14Kaya't ang mga pari'y hindi nakatagal sa loob upang maglingkod. Napuno ng kaluwalhatian ni Yahweh ang buong Templo.

## 2 Mga Cronica 6

### Binasbasan ni Solomon ang Buong Israel

(1 Ha. 8:12-21)

1Sinabi noon ni Solomon: “Sinabi ninyo, Yahweh, na ibig ninyong manirahan sa makapal na ulap.

2Ipinagtayo ko kayo ng isang maringal na bahay, isang lugar na titirhan ninyo magpakailanman.”

3Pagkatapos ay humarap ang hari at binasbasan ang buong sambayanang Israel.

4Sinabi niya: “Purihin si Yahweh, ang Diyos ng Israel. Tinupad niya ang kanyang pangako kay David na aking ama. Sinabi niya noon:

5‘Mula nang ilabas ko sa Egipto ang aking bayan hanggang ngayon, hindi ako pumili ng alinmang lunsod sa mga lipi ng Israel upang ipagtayo ako roon ng isang Templo kung saan ako'y sasambahin. Hindi pa rin ako pumipili ng sinuman upang mamuno sa Israel.

6Ngunit pinili ko ang Jerusalem upang doon ako sambahin at hinirang ko si David upang mamuno sa aking bayang Israel.’

7“Binalak ni David na aking ama na ipagtayo ng templo si Yahweh, ang Diyos ng Israel, upang doon siya sambahin.

8Ngunit sinabi sa kanya ni Yahweh, ‘Mabuti ang binabalak mong magtayo ng isang Templo para sa akin.

9Subalit hindi ikaw ang magtatayo niyon, kundi ang isa sa magiging anak mo.’

10“Natupad ngayon ang pangako ni Yahweh. Humalili ako sa aking amang si David at ngayo'y nakaupo ako sa trono ng Israel gaya ng pangako ni Yahweh. Naitayo ko na ang Templo kung saan ay sasambahin si Yahweh, ang Diyos ng Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Nailagay ko na roon ang Kaban ng Tipan na kinalalagyan ng kasunduang ginawa ni Yahweh sa sambayanang Israel."

### Ang Panalangin ni Solomon para sa Sarili

(1 Ha. 8:22-53)

12Pagkatapos, sa harap ng buong sambayanan ng Israel, tumayo si Solomon sa harap ng altar ni Yahweh at iniunat ang kanyang mga kamay.

13Gumawa siya ng isang entabladong tanso, dalawa't kalahating metro ang haba gayundin ang luwang at isa't kalahating metro ang taas. Ito ay pinagawa sa gitna ng bulwagan.

14Nanalangin siya ng ganito: "Yahweh, Diyos ng Israel, walang Diyos na katulad ninyo sa langit man o sa lupa. Tinutupad ninyo ang inyong pangako sa inyong mga lingkod. Tapat ang pag-ibig na ipinapakita ninyo sa kanila habang sila'y nananatiling tapat sa inyo.

15Tinupad ninyo ngayon ang inyong pangako sa inyong lingkod na si David na aking ama.

16Yahweh, Diyos ng Israel, patuloy sana ninyong tuparin ang inyong pangako kay David na inyong lingkod nang sabihin ninyo sa kanya: 'Hindi ko ipapahintulot na ang iyong angkan ay mawalan ng isang nakaupo sa trono ng Israel kung susunod ang iyong mga anak sa Kautusan ko, tulad ng ginawa mo.'

17Pagtibayin po ninyo Yahweh, Diyos ng Israel, ang mga pangakong binitiwan ninyo sa aking amang si David na inyong lingkod.

18"Subalit maaari po bang manirahan sa lupa ang Diyos? Kung ang langit, ang kataas-taasang langit, ay hindi sapat na maging tahanan ninyo, ito pa kayang hamak na Templong aking itinayo?

19Gayunman, pakinggan po ninyo Yahweh, aking Diyos, ang panalangin at pagsusumamo ng inyong lingkod.

20Huwag ninyong iwaglit sa inyong paningin araw-gabi ang Templong ito, yamang ipinangako ninyong dito sasambahin ang inyong pangalan. Pakinggan sana ninyo ako kapag ako'y humarap sa Templong ito at nananalangin.

### Ang Panalangin ni Solomon para sa Sambayanan

21"Pakinggan po ninyo ang inyong lingkod at ang inyong bayan tuwing kami'y mananalangin na nakaharap sa lugar na ito. Pakinggan ninyo kami mula sa langit na inyong tahanan at sana'y patawarin ninyo kami.

22"Sakaling magkasala ang isang tao sa kanyang kapwa at siya'y panumpain sa harap ng inyong altar sa Templong ito,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23 pakinggan po ninyo siya, Yahweh, buhat sa langit. Kayo ang humatol sa inyong mga lingkod. Parusahan ninyo ang nagkasala ayon sa bigat ng kanyang kasalanan at pagpalain ang walang sala.

24 “Sakaling ang inyong bayang Israel ay matalo ng kaaway dahil sa kanilang pagkakasala sa inyo, sa sandaling sila'y magbalik-loob sa inyo, kumilala ng inyong kapangyarihan, nanalangin at nagsumamo sa inyo sa Templong ito,

25 pakinggan po ninyo sila mula diyan sa langit. Patawarin po ninyo ang inyong bayan at ibalik ninyo sila sa lupaing inyong ibinigay sa kanilang mga ninuno.

26 “Kapag pinigil ninyo ang ulan sapagkat nagkasala sa inyo ang inyong bayang Israel, at kung sila'y manalangin sa Templong ito, magpuri sa inyong pangalan at magsisi sa kanilang kasalanan at kilalaning iyon ang dahilan ng inyong pagpaparusa,

27 pakinggan po ninyo sila mula sa langit. Patawarin ninyo ang inyong mga lingkod, ang inyong bayang Israel. Ituro ninyo sa kanila ang landas na dapat nilang tahakin. Papatakin na ninyo ang ulan sa lupaing ipinamana ninyo sa inyong bayan.

28 “Kapag nagkaroon ng taggutom at salot sa lupain, kung malanta at matuyo ang mga halaman, kung ang mga ito'y salantain ng higad at balang, at kung ang alinman sa kanilang mga lunsod ay makubkob ng kaaway, kung lumaganap ang sakit at salot,

29 sa sandaling ang inyong bayang Israel o sinuman sa kanila ay magsisi at iunat ang mga kamay na nananalangin paharap sa lugar na ito upang tumawag at magmakaawa sa iyo,

30 pakinggan ninyo sila mula sa langit na inyong trono at patawarin ninyo sila. Ibigay ninyo sa bawat isa ang nararapat sa kanyang mga gawa, sapagkat kayo lamang ang nakakaalam ng nilalaman ng puso ng tao.

31 Sa ganoon, mananatili silang may takot sa inyo habang sila'y nabubuhay dito sa lupaing ibinigay ninyo sa aming mga ninuno.

32 Idinadalangin ko rin ang dayuhang mula sa malayong lugar at hindi kabilang sa inyong bayang Israel na magsasadya sa Templong ito upang manalangin sapagkat nabalitaan ang inyong dakilang pangalan at kapangyarihan.

33 Pakinggan ninyo siya mula sa langit na inyong trono at ipagkaloob ninyo sa kanya ang kanyang hinihiling. Sa ganoon, kikilalanin ng lahat ng tao sa daigdig ang inyong pangalan. At tulad ng Israel, malalaman nila na kayo ay sinasamba sa Templong ito.

34 “Kapag ang inyong bayan ay nakipagdigma laban sa kanilang mga kaaway bilang pagsunod sa inyong utos, at sila'y nanalangin na nakaharap sa lunsod

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

na ito na inyong pinili at sa Templong aking ipinatayo upang dito'y sambahin kayo,

35pakinggan po ninyo sila mula sa langit. Pagtagumpayin ninyo sila.

36“Kapag ang inyong bayan ay nagkasala sa inyo (at walang taong hindi nagkakasala) at dahil sa galit ninyo'y pinabayaan ninyo silang matalo at dalhing-bihag ng kanilang mga kaaway sa malayo o malapit na lupain,

37kung sa lupaing pinagdalhan sa kanila'y makilala nila ang kanilang kamalian at tanggaping sila'y nagkasala at nagpakasama,

38sa sandaling sila'y magsisi nang taos-puso at magbalik-loob sa inyo at mula roo'y humarap sila sa lupaing ibinigay mo sa kanilang mga ninuno, sa lunsod na ito na iyong pinili at sa Templong ito na aking ipinatayo upang dito'y sambahin kayo,

39pakinggan ninyo sila mula sa langit na inyong tahanan. Pakinggan ninyo ang kanilang panalangin at pagsusumamo at iligtas ninyo sila. Patawarin ninyo ang inyong bayan sa kanilang pagkakasala sa inyo.

40Pagmasdan ninyo kami, O Diyos, at pakinggan ang mga panalanging iniaalay sa lugar na ito.

41‘Sa iyong tahanan, PANGINOONG Yahweh, pumasok ka kasama ang Kaban, ang Kaban na sagisag ng inyong kapangyarihan. Iyong mga pari, hayaang magpahayag ng iyong kaligtasan, ang mga hinirang sumigaw sa galak!

42Huwag ninyong itakwil, PANGINOONG Yahweh, ang pinili ninyong hari. Alalahanin ninyo ang inyong tapat na pag-ibig kay David na inyong lingkod.’”

## 2 Mga Cronica 7

### Ang Pagtatalaga sa Templo

(1 Ha. 8:62-66)

1Pagkatapos manalangin ni Solomon, may apoy na bumabâ mula sa langit; tinupok ang mga handog, at ang Templo ay napuno ng kaluwalhatian ni Yahweh.

2Hindi makapasok sa Templo ang mga pari sapagkat napuno ito ng kaluwalhatian ni Yahweh.

3Nasaksihan ng buong Israel nang bumabâ ang apoy at nang ang Templo'y mapuno ng kaluwalhatian ni Yahweh. Kaya't nagpatirapa sila, sumamba at nagpasalamat kay Yahweh, at nagsasabing, “Purihin si Yahweh sa kanyang kabutihan! Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman.”

4Pagkatapos, ang hari at ang buong bayan ay nag-alay ng mga handog kay Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5 Naghandog si Solomon ng 22,000 baka at 120,000 tupa. Sa ganitong paraan itinalaga ng hari at ng sambayanan ang Templo ng Diyos.

6 Nakatayo ang mga pari sa kani-kanilang lugar, kaharap ang mga Levita na tumutugtog ng mga instrumentong ginawa ni Haring David upang pasalamatan si Yahweh. Ito ang awit nila: “Ang tapat niyang pag-ibig ay walang hanggan.” Hinipan naman ng mga pari ang mga trumpeta habang nakatayo ang buong sambayanan ng Israel.

7 Itinalaga ni Solomon ang gitna ng bulwagan sa harap ng Templo. Doon niya inialay ang mga handog na susunugin, ang mga handog na pagkaing butil at ang mga tabang handog pangkapayapaan, sapagkat hindi magkasya ang mga ito sa altar na tanso na ipinagawa ni Solomon.

8 Ipinagdiwang ni Solomon ang Pista ng mga Tolda sa loob ng pitong araw. Dumalo roon ang buong bayan ng Israel mula sa pagpasok sa Hamat na nasa hilaga hanggang sa Batis ng Egipto sa timog.

9 Nang ikawalong araw, nagdaos sila ng isang dakilang pagtitipon. Pitong araw nilang ipinagdiwang ang pagtatalaga sa altar at pitong araw rin ang Pista ng mga Tolda.

10 Nang ikadalawampu't tatlong araw ng ikapitong buwan, pinauwi na ni Solomon ang mga tao. Masayang-masaya silang lahat dahil sa kagandahang-loob ni Yahweh kay David, kay Solomon at sa kanyang bayang Israel.

### Muling Kinausap ng Diyos si Solomon

(1 Ha. 9:1-9)

11 Natapos ni Solomon ang Templo ni Yahweh at ang sarili niyang palasyo. Sinunod niyang lahat ang plano niya para sa mga ito.

12 Isang gabi, nagpakita sa kanya si Yahweh at sinabi sa kanya: “Narinig ko ang iyong panalangin at tinatanggap ko ang lugar na ito upang dito ninyo ako handugan.

13 Isara ko man ang langit at hindi na umulan; utusan ko man ang mga balang upang salantain ang lupaing ito; magpadala man ako ng salot sa aking bayan,

14 ngunit kung ang bayang ito na nagtataglay ng aking karangalan ay magpakumbaba, manalangin, hanapin ako at talikuran ang kanilang kasamaan, papakinggan ko sila mula sa langit. Patatawarin ko sila sa kanilang mga kasalanan at muli kong pasasaganain ang kanilang lupain.

15 Babantayan ko sila at papakinggan ko ang mga panalanging iniaalay nila rito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Pinili ko at iniuukol ang Templong ito upang dito ako sambahin magpakailanman. Lagi kong babantayan at mamahalin ang Templong ito magpakailanman.

17Kung mananatili kang tapat sa akin gaya ng iyong amang si David, kung susundin mo ang lahat kong mga utos at tuntunin,

18patatatagin ko ang iyong paghahari. Tulad ng pangako ko sa iyong amang si David, hindi siya mawawalan ng anak na lalaki na maghahari sa Israel.

19“Ngunit kapag tinalikuran ninyo ako at sinuway ninyo ang mga batas at mga utos na ibinigay ko sa inyo, at sumamba kayo at naglingkod sa ibang mga diyos,

20palalayasin ko kayo sa lupaing ito na ibinigay ko sa inyo. Iiwan ko ang Templong ito na inilaan ko upang dito ako sambahin. Pagtatawanan ito at lalapastanganin ng mga bansa.

21Ang mapapadaan sa tapat ng Templong ito na ngayo'y dinadakila ay mapapailing at magtatanong: ‘Bakit kaya ganito ang ginawa ni Yahweh sa lupaing ito at sa Templong ito?’

22Ito naman ang isasagot sa kanila: ‘Sapagkat tinalikuran nila si Yahweh, ang Diyos ng kanilang mga ninuno, na naglabas sa kanila sa Egipto. Bumaling sila sa ibang mga diyos at ang mga ito ang kanilang sinamba at pinaglingkuran. Kaya pinarusahan sila ng ganito ni Yahweh.’”

## 2 Mga Cronica 8

### Ang mga Nagawa ni Solomon

(1 Ha. 9:10-28)

1Ipinatayo ni Solomon ang kanyang palasyo at ang Templo ni Yahweh sa loob ng dalawampung taon.

2Pagkatapos, ipinatayo niyang muli ang mga lunsod na ibinigay sa kanya ni Hiram at pinatira niya roon ang mga Israelita.

3Sinalakay niya at sinakop ang Hamat-Zoba.

4Itinayo niya ang lunsod ng Palmera na nasa disyerto, at ang mga lunsod-imbakan na itinayo niya sa Hamat.

5Pinaligiran niya ng pader ang mga lunsod ng Beth-horong Itaas at Beth-horong Ibaba. Nilagyan din niya ang mga ito ng mga pintuang may panghalang.

6Gayundin ang ginawa niya sa Baalat at sa kanyang mga lunsod-imbakan at mga lunsod-himpilan ng kanyang mga karwahe at ng kanyang mga mangangabayo. Ipinagawa ni Solomon ang bawat magustuhan niyang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ipagawa sa Jerusalem, sa Lebanon at sa lahat ng sakop ng kanyang kaharian.

7-8Sapilitan niyang pinagtrabaho hanggang sa mga panahong ito ang mga Cananeong hindi napatay ng mga Israelita noong sakupin nila ang lupain ng Canaan. Kabilang dito ang mga Heteo, Amoreo, Perezeo, Hivita at ang mga Jebuseo.

9Hindi isinama ni Solomon ang mga Israelita sa sapilitang paggawa. Sa halip, naglingkod ang mga ito bilang mga mandirigma: mga kawal at pinuno ng hukbo at ng kanyang mangangabayo at mga karwahe.

10Sila rin ang ginawang tagapangasiwa ni Haring Solomon sa mga nagtatrabaho sa kanyang mga pagawaan. Ang bilang nila'y 250.

11Ipinasundo ni Solomon mula sa lunsod ni David ang asawa niya na anak ng Faraon. Dinala niya ito sa palasyong ipinagawa niya para rito. Sinabi ni Solomon, "Hindi dapat tumira ang asawa ko sa palasyo ni David na hari ng Israel. Iyon ay banal na dako sapagkat itinuturing na banal ang lahat ng lugar na mapaglagyan ng Kaban ng Tipan."

12Nag-alay si Solomon kay Yahweh ng mga handog na susunugin sa altar ni Yahweh na kanyang ipinatayo sa harap ng portiko.

13Ginawa niya ang lahat ayon sa mga tuntuning ibinigay ni Moises tungkol sa paghahandog sa mga Araw ng Pamamahinga, sa Pista ng Bagong Buwan at sa tatlong taunang kapistahan: ang Pista ng Tinapay na Walang Pampaalsa, ang Pista ng Pag-aani at ang Pista ng mga Tolda.

14Sinunod niya ang kaayusang itinakda ni David tungkol sa paglilingkod ng mga pari. Gayundin sa mga Levita sa kanilang pang-araw-araw na pamumuno sa pag-awit ng papuri at pagtulong sa mga pari at sa pagbabantay sa Templo. Ginawa niya ito ayon sa utos ni David na lingkod ng Diyos.

15Hindi sila lumabag kaunti man, maging sa gawain ng mga pari at mga Levita, at maging sa pag-iingat sa kayamanan ng Templo.

16At natapos ang mga ipinagawa ni Solomon, mula sa paglalagay ng pundasyon ng Templo hanggang sa mayari ito.

17Pagkatapos, pumunta si Solomon sa Ezion-geber at sa Elot na nasa baybayin ng dagat sa lupain ng Edom.

18Pinadalhan siya ni Hiram ng mga barko at mga bihasang magdaragat na mangangasiwa niyon. Pumunta sila sa Ofir kasama ng mga tauhan ni Haring Solomon. Nang bumalik sila ay may dala silang 15,750 kilong ginto na ibinigay nila kay Solomon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 2 Mga Cronica 9

**Ang Pagdalaw ng Reyna ng Seba**
(1 Ha. 10:1-13)

1Nabalitaan ng reyna ng Seba ang katanyagan ni Haring Solomon. Kaya't nagsadya siya sa Jerusalem upang subukin ito sa pamamagitan ng mahihirap na katanungan. Marami siyang kasamang tauhan at mga kamelyong may kargang mga pabango, ginto at mamahaling bato. Nang makaharap niya si Solomon, itinanong niya rito ang lahat ng maisipan niyang itanong.

2Ipinaliwanag naman ni Solomon ang lahat ng ibig malaman ng reyna. Wala itong tanong na hindi niya nasagot.

3Napatunayan ng reyna ang karunungan ni Solomon at nakita niya ang palasyong ipinatayo nito.

4Nakita rin niya ang mga pagkain sa hapag ng hari at ang mga silid ng kanyang mga opisyal, gayundin ang paglilingkod ng kanyang mga utusan at mga tagadala ng inumin at ang mga kasuotan nilang lahat. Nakita rin niya ang mga handog na susunugin na iniaalay ni Solomon sa Templo ni Yahweh. Labis siyang namangha sa lahat niyang nakita.

5Kaya't sinabi niya sa hari: “Totoo nga pala ang balitang nakarating sa bayan ko tungkol sa inyo at sa inyong karunungan.

6Noong una'y hindi ako makapaniwala. Ngunit ngayong makita ng dalawa kong mata, wala pa pala sa kalahati ang ibinalita nila sa akin. Ang karunungan pala ninyo ay higit sa nabalitaan ko.

7Mapalad ang inyong mga lingkod. Mapalad ang mga tauhan ninyong ito na laging nakakarinig ng inyong karunungan.

8Purihin ang Diyos ninyong si Yahweh na nalugod sa inyo kaya't ginawa ka niyang hari upang mamahala alang-alang sa kanya. Sapagkat tapat ang pag-ibig ni Yahweh sa Israel, at nais niyang patatagin ito magpakailanman. Ginawa niya kayong hari nila upang pairalin dito ang batas at katarungan.”

9At binigyan niya ang hari ng 4,200 kilong ginto, maraming pabango at mamahaling hiyas. Walang kaparis ang mga pabangong ibinigay ng reyna ng Seba kay Haring Solomon.

10Bukod dito, ang mga tauhan ni Haring Hiram at ni Solomon na nagdadala ng ginto buhat sa Ofir ay may dala ring mamahaling bato at maraming kahoy na algum.

11Ito ang kahoy na ginamit ng hari sa mga upuan sa Templo at sa kanyang palasyo at sa mga lira at alpa ng mga mang-aawit. Wala pang nakikitang kahoy na tulad nito nang panahong iyon sa lupain ng Juda.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Ipinagkaloob naman ni Haring Solomon sa reyna ng Seba ang lahat ng hiniling nito, bukod pa sa kanyang regalo bilang ganti sa pasalubong nito sa kanya. Pagkatapos, umuwi na ang reyna ng Seba at ang kanyang mga tauhan sa kanilang lupain.

### Ang Kayamanan ni Solomon

(1 Ha. 10:14-25)

13Taun-taon, 23,310 kilong ginto ang dumarating kay Solomon.

14Hindi pa kabilang dito ang buwis ng mga mangangalakal, ang tinutubo ng kanyang mga tauhang umaangkat sa ibang bansa at ang buwis ng mga hari sa Arabia at ng mga gobernador ng lalawigan.

15Nagpagawa siya ng 200 malalaking kalasag na may balot na pitong kilong pinitpit na ginto bawat isa.

16Nagpagawa pa siya ng 300 maliliit na kalasag na may balot namang tatlong kilong pinitpit na ginto bawat isa. Ipinalagay ng hari ang nasabing mga kalasag sa Bulwagan ng Kagubatang Lebanon.

17Nagpagawa rin siya ng isang malaking tronong balot sa garing na may palamuting ginto.

18Balot din ng ginto ang anim na baytang na paakyat sa trono at ang tuntungan dito. May patungan ng kamay sa magkabilang tagiliran ng trono at may rebulto ng nakatayong leon sa magkabila.

19Labindalawang rebultong leon naman ang nakahanay sa magkabilang dulo ng anim na baytang.

20Walang ganitong trono na nagawa saan mang kaharian. Lantay na ginto ring lahat ang mga kopa ni Haring Solomon at ang mga kasangkapan sa Bulwagan ng Kagubatang Lebanon. Hindi gaanong pinahahalagahan ang pilak noon.

21May mga malalaking barko siyang nagbibiyahe sa Tarsis kasama ng mga tauhan ni Hiram at tuwing ikatlong taon ay dumarating na maraming dalang ginto, pilak, garing, mga gorilya at pabo real.

22Si Haring Solomon ang pinakamarunong at pinakamayaman sa lahat ng mga hari sa buong mundo.

23Kaya't pinupuntahan siya ng mga hari buhat sa iba't ibang panig ng daigdig upang makinig sa karunungang ibinigay sa kanya ng Diyos.

24Bawat isa'y may dalang regalo: mga kasangkapang ginto at pilak, mga damit, mira, mga pabango, mga kabayo at mola. Nagpapatuloy ito taun-taon.

25Si Solomon ay may 4,000 kuwadra para sa kanyang mga kabayo at karwahe. Mayroon rin siyang 12,000 na mangangabayo. Ang mga ito'y

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

inilagay niya sa mga lunsod-himpilan ng mga karwahe at ang iba nama'y pinapaalagaan sa Jerusalem.

26Sakop niya ang lahat ng mga hari ng mga lupain buhat sa Ilog Eufrates hanggang sa lupain ng mga Filisteo at sa may hangganan ng Egipto.

27Nang panahon ni Haring Solomon, ang pilak sa Jerusalem ay naging pangkaraniwan lamang na parang bato, at ang kahoy na sedar ay naging sindami ng sikamoro sa mga paanan ng mga burol.

28Ang mga kabayo ni Solomon ay galing sa Egipto at sa iba't ibang bansa.

**Ang Buod ng Kasaysayan ni Solomon**
(1 Ha. 11:41-43)

29Ang iba pang mga pangyayari sa paghahari ni Solomon buhat sa simula hanggang wakas ay nakasulat sa *Kasaysayan ni Propeta Natan* at sa *Pahayag ni Ahias na Taga-Shilo.* Mababasa rin iyon sa *Mga Pangitain ni Propeta Iddo* na nagsasaad din ng paghahari ni Jeroboam na anak ni Nebat.

30Apatnapung taóng naghari si Solomon sa buong Israel mula sa Jerusalem.

31Nang siya'y mamatay, inilibing siya sa Lunsod ni David. Humalili sa kanya bilang hari ang anak niyang si Rehoboam.

## 2 Mga Cronica 10

**Nahati ang Kaharian**
(1 Ha. 12:1-20)

1Pumunta sa Shekem si Rehoboam sapagkat nagtipun-tipon doon ang buong Israel upang gawin siyang hari.

2Nang mabalitaan iyon ni Jeroboam, anak ni Nebat na pumunta sa Egipto upang tumakas kay Haring Solomon, ay umuwi na ito.

3Ipinasundo siya ng mga lipi sa hilaga at sama-sama silang pumunta kay Rehoboam. Sinabi nila:

4“Binigyan po kami ng mabigat na pasanin ng inyong ama. Kung pagagaanin po ninyo ang pasanin na aming dinadala, paglilingkuran namin kayo.”

5Sinagot sila ni Rehoboam: “Bigyan ninyo ako ng tatlong araw upang pag-isipan ang inyong kahilingan, saka kayo bumalik.” At umalis nga ang mga tao.

6Sumangguni si Rehoboam sa matatandang tagapayo na naglingkod sa kanyang ama nang ito'y nabubuhay pa. Itinanong niya kung ano ang dapat niyang sabihin sa mga tao.

7Ganito ang sabi ng matatanda: “Kapag magiging mabait kayo sa mga taong ito, at pagbibigyan ninyo sila sa kanilang kahilingan, paglilingkuran nila kayo nang tapat habang panahon.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Ngunit binaliwala ni Rehoboam ang payo ng matatanda. Sa halip, sumangguni siya sa kanyang mga kababata na ngayo'y mga tagapayo niya.

9Tinanong niya ang mga ito kung ano ang dapat niyang isagot sa mga taong humihiling na pagaanin ang pasaning ipinataw sa kanila ng kanyang ama.

10Ganito naman ang sagot ng mga kabataan: “Sabihin mo sa kanila na ang iyong ama ay naging mahina.

11Dagdagan mo pa ang pahirap sa kanila. Kung latigo ang panghampas sa kanila noon ng iyong ama, ngayon ay gawin mong tinik na bakal.”

12Nang ikatlong araw, bumalik nga si Jeroboam at ang mga taong-bayan ayon sa sinabi sa kanila ni Rehoboam.

13Taliwas sa payo ng matatanda, mabagsik ang sagot niya sa mga tao.

14Ang sinunod niya'y ang payo ng mga kabataan. Sinabi niya, “Kung mabigat ang ipinapasan sa inyo ng aking ama, daragdagan ko pa iyan. Kung hinagupit niya kayo ng latigo, may tinik na bakal naman ang ihahagupit ko sa inyo.”

15Hindi nga dininig ng hari ang karaingan ng bayan. Pinahintulutan iyon ng Diyos na si Yahweh upang matupad ang kanyang sinabi sa pamamagitan ni Ahias na taga-Shilo, tungkol kay Jeroboam na anak ni Nebat.

16Nang hindi sila pakinggan ng hari, sinabi nila: “Umuwi na tayo, O Israel! Ano bang mapapala natin kay David? Ano bang nagawa para sa atin ng anak ni Jesse? Bahala ka na sa buhay mo, Rehoboam!” At umuwi na ang mga mamamayan ng Israel.

17Ngunit naghari si Rehoboam sa mga Israelitang naninirahan sa mga bayan ng Juda.

18Sinugo ni Haring Rehoboam si Adoram, ang tagapangasiwa ng sapilitang paggawa sa sampung lipi ng Israel. Ngunit binato siya ng mga ito hanggang mamatay. Kaya't nagmamadaling sumakay sa karwahe si Rehoboam upang tumakas patungong Jerusalem.

19Magmula noon, patuloy na naghimagsik sa paghahari ng angkan ni David ang sampung lipi ng Israel na nasa hilaga.

## 2 Mga Cronica 11

### Ang Propesiya ni Semaias

(1 Ha. 12:21-24)

1Pagdating ni Rehoboam sa Jerusalem, tinipon niya ang mga lipi ng Juda at Benjamin. Pumili siya ng 180,000 mahuhusay na mandirigma upang salakayin ang sampung lipi ng Israel at ibalik sila sa kanyang kapangyarihan.

2Ngunit sinabi ni Yahweh kay propeta Semaias:

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3“Sabihin mo kay Rehoboam na anak ni Solomon at hari ng Juda at sa lahat ng mga Israelitang taga-Juda at Benjamin,

4na ganito ang ipinapasabi ni Yahweh: ‘Huwag na ninyong salakayin ang inyong mga kapatid. Hayaan na ninyo silang makauwi sa kani-kanilang tahanan. Ako ang may kagustuhan nito.’” Sinunod nga nila ang ipinasabi ni Yahweh. Nag-uwian na sila at hindi na nila dinigma si Jeroboam.

### Pinaligiran ng Pader ang mga Lunsod

5Sa Jerusalem tumira si Rehoboam at pinalagyan niya ng mga pader ang mga lunsod na ito sa Juda at Benjamin:

6-10Bethlehem, Etam, Tekoa, Beth-sur, Soco, Adullam, Gat, Maresa, Zif, Adoraim, Laquis, Azeka, Zora, Aijalon, at Hebron.

11Pinatibay niya ang kuta ng mga ito, nilagyan ng kani-kanilang pinuno at mga imbakan ng pagkain, langis at alak.

12Naglagay rin siya ng mga sibat at mga panangga sa mga nasabing lunsod. Pinatibay niyang mabuti ang mga lunsod na ito. Sa ganitong paraan, napanatili niya sa ilalim ng kanyang kapangyarihan ang Juda at Benjamin.

### Pumunta sa Juda ang mga Pari at Levita

13Nagdatingan ang mga pari at ang mga Levita mula sa lahat ng panig ng Israel upang maglingkod kay Rehoboam.

14Iniwan nila ang kanilang mga pastulan at mga ari-arian upang manirahan sa Juda at sa Jerusalem sapagkat inalis sila ni Jeroboam at ng mga anak nito bilang mga pari ni Yahweh.

15Sa halip, naglagay si Jeroboam ng kanyang mga sariling pari para sa mga sagradong burol, sa mga satiro at sa mga rebultong guya na ipinagawa niya.

16Subalit mula sa lahat ng lipi, may mga tapat na lingkod si Yahweh, ang Diyos ng Israel. Sila ay sumunod sa mga pari at mga Levitang pumupunta sa Jerusalem upang maghandog kay Yahweh, ang Diyos ng kanilang mga ninuno.

17Dahil dito, pinatatag nila ang kaharian ng Juda at pinatibay ang kapangyarihan ni Rehoboam na anak ni Solomon sa loob ng tatlong taon, sapagkat sumusunod sila sa magagandang halimbawa ni David at ni Solomon.

### Ang Sambahayan ni Rehoboam

18Napangasawa ni Rehoboam si Mahalat na anak ni Jerimot at ni Abihail. Anak ni David si Jerimot at si Abihail naman ay anak ni Eliab na anak ni Jesse.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Sina Jeus, Semarias at Zaham ang mga anak na lalaki ni Rehoboam kay Mahalat.

20Napangasawa rin ni Rehoboam si Maaca na anak ni Absalom at ang mga anak nila'y sina Abias, Atai, Ziza at Selomit.

21Mahal na mahal ni Rehoboam si Maaca na anak ni Absalom higit sa iba niyang mga asawa at asawang-lingkod. Labingwalo ang asawa niya at animnapu ang kanyang asawang-lingkod. Dalawampu't walo ang naging anak niyang lalaki at animnapu naman ang mga babae.

22Sapagkat gusto ni Rehoboam na si Abias ang maging hari pagkamatay niya, inilagay niya itong pinuno at pangunahin sa kanyang mga kapatid.

23Ipinadala ni Rehoboam ang kanyang mga anak na lalaki sa iba't ibang lugar sa lupain ng Juda at Benjamin, sa mga lunsod na napapaligiran ng pader. Binigyan niya sila ng lahat nilang kailangan at inihanap ng mga asawa.

## 2 Mga Cronica 12

### Nilusob ng Egipto ang Juda

(1 Ha. 14:25-28)

1Nang maging matatag na ang paghahari ni Rehoboam, tinalikuran niya at ng buong Israel ang Kautusan ni Yahweh.

2Subalit nang ikalimang taon ng paghahari ni Rehoboam, sapagkat hindi sila naging tapat kay Yahweh, sinalakay ni Shishak, hari ng Egipto, ang Jerusalem.

3Ang hukbo ni Shishak ay binubuo ng 1,200 karwahe, 60,000 mangangabayo at di mabilang na mga tauhan pati mga taga-Libya, taga-Sukuim at taga-Etiopia.

4Nakuha niya ang mga may pader na lunsod ng Juda at nakaabot siya hanggang Jerusalem.

5Dahil sa pananalakay ni Shishak, ang mga pinuno ng Israel ay nagtipon sa Jerusalem kasama ni Rehoboam. Dumating naman ang propetang si Semaias at sinabi sa kanila: “Ganito ang ipinapasabi ni Yahweh: ‘Pinabayaan ninyo ako, kaya pinabayaan ko rin kayong mahulog sa kamay ni Shishak.’”

6Pagkarinig niyon, nagpakumbaba ang hari at ang mga pinuno ng Israel at sinabi nila: “Makatarungan si Yahweh.”

7Nakita ni Yahweh ang kanilang pagpapakumbaba, kaya sinabi niya kay Semaias: “Nagpakumbaba na sila, kaya hindi ko na sila lilipulin. Ililigtas ko sila sa lubos na kapahamakan at hindi ko na ibubuhos ang aking galit sa Jerusalem sa pamamagitan ni Shishak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Gayunman, sila'y masasakop nito upang malaman nila kung alin ang higit na mabuti: ang maglingkod sa akin o ang maglingkod sa mga hari sa lupa."

9Sinalakay ni Haring Shishak ng Egipto ang Lunsod ng Jerusalem at sinamsam ang mga kayamanan sa Templo ni Yahweh at sa palasyo ng hari. Kinuha niya ang lahat, pati ang mga gintong kalasag na ipinagawa ni Solomon.

10Pinapalitan ni Rehoboam ang mga iyon ng kalasag na tanso. Pinaingatan niya ang nasabing mga panangga sa pinuno ng mga bantay ng palasyo.

11Tuwing pupunta sa Templo ang hari, inilalabas nila ang mga kalasag at pagkatapos ay ipinababalik sa silid ng mga bantay.

12Sapagkat nagpakumbaba si Rehoboam, hindi ganap na ibinuhos ng Diyos ang galit nito sa kanya. Hindi sila nalipol nang tuluyan at naging matiwasay na ang kalagayan ng Juda.

**Ang Buod ng Kasaysayan ng Paghahari ni Rehoboam**

13Naging matatag ang paghahari ni Rehoboam sa Jerusalem. Apatnapu't isang taóng gulang siya nang magsimulang maghari at labimpitong taon siyang naghari sa Jerusalem, ang lunsod na pinili ni Yahweh sa lahat ng lipi ng Israel upang doon siya sambahin. Ang kanyang ina ay si Naama, na isang Ammonita.

14Naging masama siya sapagkat hindi niya sinunod ang kalooban ni Yahweh.

15Ang mga ginawa ni Rehoboam buhat sa simula hanggang sa wakas, ay nakasulat sa *Kasaysayan ng propetang si Semaias* at sa *Kasaysayan ng propetang si Iddo*. Patuloy ang digmaan nina Jeroboam at Rehoboam sa buong panahon ng paghahari nila.

16Nang mamatay si Rehoboam, inilibing siya sa Lunsod ni David at si Abias na anak niya ang humalili sa kanya bilang hari.

## 2 Mga Cronica 13

**Ang Digmaan nina Abias at Jeroboam**

(1 Ha. 15:1-8)

1Nang ikalabing walong taon ng paghahari ni Jeroboam, si Abias ay nagsimulang maghari sa Juda.

2Tatlong taon siyang naghari sa Jerusalem. Ang kanyang ina ay si Micaias na anak ni Uriel na taga-Gibea. Nagkaroon ng digmaan sina Jeroboam at Abias.

3Ang hukbo ni Abias ay binubuo ng 400,000 kawal, samantalang ang kay Jeroboam naman ay 800,000.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Humanay ang hukbo ni Abias sa may bulubundukin ng Efraim, sa taluktok ng Bundok Zemaraim. Mula roo'y sumigaw siya: “Makinig kayo, Jeroboam at buong bayang Israel!

5Hindi ba ninyo alam na pinagtibay ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, sa isang kasunduang hindi maaaring sirain, na si David at ang kanyang mga anak ang maghahari sa Israel magpakailanman?

6Ngunit si Jeroboam na anak ni Nebat at dating alipin ni Solomon na anak ni David ay naghimagsik laban sa kanyang haring si Solomon.

7Mga walang-hiya at tampalasang tao ang sumama sa kanya. Hindi nila kinilala si Rehoboam na anak ni Solomon. Palibhasa'y bata pa noon at walang karanasan si Rehoboam, kaya't wala siyang nagawa.

8“Ngayo'y ibig ninyong labanan ang kaharian ni Yahweh na ibinigay niya sa mga anak ni David, palibhasa'y marami kayo at mayroon kayong mga guyang ginto na ipinagawa ni Jeroboam para sambahin ninyo.

9Hindi ba't pinalayas ninyo ang mga pari ni Yahweh, ang mga anak ni Aaron at ang mga Levita? At gumaya kayo sa ibang mga bansa sa pagpili ng mga pari? Ngayon, sinumang lumapit na may dalang handog na isang batang toro at pitong lalaking tupa ay pinapayagan na ninyong maging pari ng mga diyus-diyosan.

10Ngunit para sa amin, si Yahweh pa rin ang aming Diyos at hindi namin siya itinakwil. Ang aming mga pari ay pawang mga anak ni Aaron at ang mga katulong nila sa paglilingkod kay Yahweh ay ang mga Levita.

11Araw-gabi ay nag-aalay sila kay Yahweh ng mga handog na susunugin at insenso. Nag-aalay sila ng handog na tinapay sa harapan niya sa ibabaw ng inihandang mesang yari sa lantay na ginto. At gabi-gabi'y nagsisindi sila ng mga ilawang nasa gintong patungan. Sinusunod namin ang utos ni Yahweh, subalit itinakwil ninyo siya.

12Kaya kasama namin siya sa labanang ito. Siya ang aming pinuno at kasama rin namin ang kanyang mga pari na dala ang kanilang mga trumpeta na handang hipan sa pakikipaglaban sa inyo. Bayang Israel, huwag ninyong kalabanin si Yahweh, ang Diyos ng inyong mga ninuno, sapagkat hindi kayo magtatagumpay.”

13Nagsugo si Jeroboam ng pangkat sa likuran ng kalaban upang lihim na sumalakay roon. Samantala, ang karamihan ng hukbo niya ay kaharap ng hukbo ng Juda.

14Nang lumingon ang mga ito, nakita nilang may kalaban sila sa harapan at sa likuran. Humingi sila ng tulong kay Yahweh at hinipan ng mga pari ang kanilang mga trumpeta.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

[15]Sumigaw ang hukbo ng Juda at sa sandaling iyon, tinalo ng Diyos si Jeroboam at ang buong hukbo ng Israel sa harap ni Abias at ng Juda.

[16]Tumakas ang hukbo ng Israel sa Juda at itinulot ng Diyos na masakop sila ng Juda.

[17]Nagtagumpay sina Abias. May 500,000 mahuhusay na kawal ng Israel ang napatay.

[18]Mula noon, ang Israel ay nasakop ng Juda. Ito'y dahil sa pagtitiwala ng Juda kay Yahweh, ang Diyos ng kanilang mga ninuno.

[19]Tinugis ni Abias si Jeroboam, at nasakop niya ang mga lunsod ng Bethel, Jesana at Efron, pati ang mga nayon nito.

[20]Sa panahon ng paghahari ni Abias, hindi na nakabawi si Jeroboam hanggang sa patayin siya ni Yahweh.

[21]Naging makapangyarihan si Abias. Labing-apat ang kanyang asawa, at ang mga naging anak niya'y dalawampu't dalawang lalaki at labing-anim na babae.

[22]Ang iba pang ginawa at sinabi ni Abias ay nakasulat sa *Kasaysayan ng propetang si Iddo.*

## 2 Mga Cronica 14

### Ang Tagumpay ni Asa Laban sa mga Taga-Etiopia

[1]Namatay si Abias at inilibing sa libingan ng kanyang mga ninuno sa Lunsod ni David. Humalili sa kanya bilang hari ang anak niyang si Asa. Sampung taon itong naghari at sa panahong iyon ay naging mapayapa ang Juda.

[2]Ginawa ni Asa ang mabuti at kalugud-lugod sa paningin ni Yahweh na kanyang Diyos.

[3]Ipinagiba niya ang mga altar ng mga diyus-diyosan at ang mga bahay-sambahan ng mga pagano; ibinuwal niya ang mga sinasambang haligi at winasak ang mga rebulto ng diyosang si Ashera.

[4]Iniutos niya sa mga taga-Juda na sumunod sa kagustuhan ni Yahweh, ang Diyos ng kanilang mga ninuno at tuparin ang kanyang kautusan at mga tuntunin.

[5]Sapagkat ipinaalis niya ang mga bahay-sambahan ng mga pagano at ang mga altar ng insenso sa mga lunsod ng Juda, naging mapayapa ang kaharian sa ilalim ng kanyang pamamahala.

[6]Pinalagyan niya ng mga pader ang mga lunsod sa Juda. At sa loob ng ilang taon ay hindi sila nagkaroon ng digmaan sapagkat binigyan siya ni Yahweh ng kapayapaan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Sinabi niya sa mga taga-Juda, “Patibayin natin ang mga lunsod na ito at paligiran natin ng mga pader na may mga tore at matitibay na pintuan. Sarili natin ang lupain sapagkat umaasa tayo kay Yahweh na ating Diyos. Hinanap natin siya at sa lahat ng dako'y binigyan niya tayo ng katiwasayan.” Ganoon nga ang kanilang ginawa at sila'y naging maunlad.

8Ang hukbo ni Asa ay binubuo ng 300,000 kawal mula sa Juda, na may mga sandatang panangga at sibat, at ang 280,000 naman mula sa Benjamin, na may mga pana at panangga.

9Dumating ang panahon na nilusob sila ni Zera na isang taga-Etiopia. Ang hukbo nito na umabot hanggang sa Maresa ay binubuo ng isang milyong kawal at tatlong daang karwahe.

10Pagdating doo'y hinarap sila ng hukbo ni Asa at ang hanay ng labanan ay ang libis ng Sefata sa Maresa.

11Bago siya lumaban, nanalangin si Asa kay Yahweh na kanyang Diyos, “Wala kang katulad, O Yahweh, sa pagtulong maging sa malakas at mahina. Kaya tulungan ninyo kami, O Yahweh na aming Diyos, sapagkat sa inyo lamang kami umaasa. Sa inyong pangalan, nakaharap kami ngayon sa ganito karaming kaaway. O Yahweh, kayo ang aming Diyos; huwag ninyong hayaang matalo kayo ng tao.”

12Sa tulong ni Yahweh, natalo ni Asa ang mga taga-Etiopia at tumakas ang mga ito.

13Hinabol sila ni Asa at ng kanyang mga kawal hanggang Gerar. Sa tulong ni Yahweh, naubos ang kanilang mga kaaway, at napakarami nilang nasamsam.

14Winasak nila ang lahat ng lunsod sa palibot ng Gerar sapagkat pinagharian ng takot kay Yahweh ang mga mamamayan doon. Pinasok nila ang lahat ng lunsod at napakaraming nasamsam doon.

15Sinalakay din nila ang mga kampo ng mga pastol ng kawan at bumalik sila sa Jerusalem na dala ang napakaraming tupa at kamelyo.

## 2 Mga Cronica 15

### Ang mga Repormang Isinagawa ni Asa

1Si Azarias na anak ni Oded ay nilukuban ng Espiritu ng Diyos.

2Pinuntahan niya si Asa at sinabi, “Pakinggan mo ako, Asa, at kayong mga taga-Juda at Benjamin: Nasa panig ninyo si Yahweh habang kayo'y nasa panig niya. Matatagpuan ninyo siya kung siya'y inyong hahanapin, ngunit kung itatakwil ninyo siya, itatakwil din niya kayo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Matagal nang hindi sumasamba sa tunay na Diyos ang Israel, walang paring nagtuturo at wala ring kautusan.

4Ngunit nang dumating sila sa kagipitan, humingi sila ng tulong kay Yahweh, ang Diyos ng Israel. Siya'y kanilang hinanap at kanilang natagpuan.

5Mapanganib noon ang maglakbay at mangalakal sapagkat magulo kahit saang lugar.

6Naglalaban-laban ang mga bansa, at ang mga lunsod sa kapwa lunsod, sapagkat ginugulo at pinahihirapan sila ng Diyos.

7Ngunit magpakatatag kayo at huwag masiraan ng loob. Gagantimpalaan kayo dahil sa inyong mga ginagawa."

8Nang marinig ni Asa ang pahayag na ito ni Azarias na anak ni Oded, lumakas ang kanyang loob. Inalis ni Asa ang lahat ng kasuklam-suklam na diyus-diyosan sa buong Juda, sa Benjamin at sa lahat ng bayang nasakop niya sa Kaburulan ng Efraim. Ipinaayos niya ang altar ni Yahweh na nasa harap ng bulwagan ng Templo.

9Pagkatapos, tinipon niya ang mga taga-Juda at Benjamin at ang mga nanggaling sa Efraim, Manases at Simeon na nakikipanirahan sa kanila. Maraming taga-Israel ang sumama kay Asa nang malaman nilang kasama niya ang Diyos niyang si Yahweh.

10Naganap ang pagtitipong ito sa Jerusalem noong ikatlong buwan ng ikalabing limang taon ng paghahari ni Asa.

11Nang araw na iyon, naghandog sila kay Yahweh ng pitong daang toro at pitong libong tupa buhat sa mga nasamsam nila.

12Gumawa sila ng kasunduan na buong puso at kaluluwa nilang sasambahin si Yahweh, ang Diyos ng kanilang mga ninuno,

13at papatayin ang sinumang hindi sasamba sa kanya, maging lalaki o babae, matanda o bata.

14Pasigaw na nanumpa sila kay Yahweh. Nagsigawan sila kasabay ng pag-ihip sa mga trumpeta at tambuli.

15Masayang-masaya ang buong Juda sa kanilang pagkakaisa sapagkat buong puso silang nangakong sasamba kay Yahweh. At ang kanilang masayang pagsamba ay tinanggap ni Yahweh; nalugod siya sa kanila kaya binigyan sila ni Yahweh ng kapayapaan sa lahat ng panig.

16Inalis ni Haring Asa sa pagiging inang-reyna ang lola niyang si Maaca sapagkat nagtayo ito ng malaswang rebulto ng diyosang si Ashera. Winasak niya iyon at sinunog sa Libis ng Kidron.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Kahit hindi naalis ni Asa sa Israel ang lahat ng mga bahay-sambahan ng mga pagano, naging tapat siya kay Yahweh sa buong buhay niya.

18Dinala niya sa Templo ang lahat ng kagamitang yari sa pilak at ginto na inilaan niya at ng kanyang ama sa Diyos.

19Hindi nagkaroon ng digmaan sa loob ng tatlumpu't limang taóng paghahari ni Asa.

## 2 Mga Cronica 16

### Pagputol ng Pakikipagkaibigan sa Israel

(1 Ha. 15:17-22)

1Nang ikatatlumpu't anim na taon ng paghahari ni Asa, nilusob ni Haring Baasa ng Israel ang Juda. Pinalibutan niya ng pader ang Rama upang walang makaalis o kaya'y makapunta kay Asa sa Juda.

2Dahil dito, nakipag-ugnay si Asa kay Ben-hadad na hari ng Siria at nakatira sa Damasco. Nagpadala siya ng pilak at ginto na kinuha niya sa kabang-yaman ng Templo ni Yahweh at sa kanyang palasyo. Ganito ang sinabi niya,

3“Pinadadalhan kita ng pilak at ginto. Ibig kong magtulungan tayo tulad nang ginawa ng ating mga magulang. Sirain mo na ang kasunduan ninyo ni Baasa na hari ng Israel upang hindi na niya ako guluhin.”

4Sumang-ayon naman si Ben-hadad at pinasalakay niya ang mga pinuno ng kanyang hukbo sa mga lunsod ng Israel. Napasok ng mga ito ang Ijon, Dan, Abelmain at ang mga lunsod-imbakan sa Neftali.

5Nang mabalitaan ito ni Baasa, ipinatigil niya ang pagpapader sa Rama.

6Dahil dito, tinawag ni Haring Asa ang mga taga-Juda at ipinahakot ang lahat ng bato at kahoy na naiwan sa itinatayong pader at ginamit niya ang mga ito sa pagpapader sa Geba at Mizpa.

### Si Propeta Hanani

7Nagpunta noon kay Asa si Hanani na isang propeta at sinabi, “Dahil nagtiwala ka sa hari ng Siria, sa halip na kay Yahweh na iyong Diyos, natakasan ka ng hukbo ng hari ng Siria.

8Mas malaki ang mga hukbo ng mga taga-Etiopia at mga taga-Libya. Napakarami nilang karwahe at mga mangangabayo ngunit ibinigay sila sa iyo ni Yahweh sapagkat sa kanya ka nagtiwala.

9Nagmamasid si Yahweh sa buong daigdig upang tumulong sa lahat ng tapat sa kanya. Dahil sa kahangalan mong ito, mula ngayo'y lagi kang magkakaroon ng digmaan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Sa sinabing ito, nagalit si Asa kay Hanani at ito'y ikinadena sa bilangguan. Mula noo'y naging malupit si Asa sa mga tao.

### Ang Buod ng Kasaysayan ni Asa

(1 Ha. 15:23-24)

11Lahat ng ginawa ni Asa mula sa simula hanggang wakas ay nakatala sa *Aklat ng Kasaysayan ng mga Hari ng Juda at Israel*.

12Noong ikatatlumpu't siyam na taon ng kanyang paghahari, nagkaroon siya ng malubhang sakit sa paa. Sa halip na kay Yahweh humingi ng tulong, sa mga manggagamot siya sumangguni.

13Namatay siya nang ikaapatnapu't isang taon ng kanyang paghahari.

14Inilibing siya sa Lunsod ni David sa isang libingang yungib na ipinasadya niya para sa kanyang sarili. Inilagay siya sa isang kabaong na nilagyan ng lahat ng uri ng pabango. Bilang pagpaparangal sa kanya, gumawa ang mga tao ng napakalaking siga.

## 2 Mga Cronica 17

### Ang Paghahari ni Jehoshafat

1Ang humalili kay Asa bilang hari ay ang anak niyang si Jehoshafat, at pinalakas nito ang kanyang paghahari laban sa Israel.

2Naglagay siya ng mga kawal sa lahat ng mga lunsod na may pader sa Juda at nagtayo ng mga kampo sa buong bansa, pati sa mga lunsod ng Efraim na nasakop ng kanyang amang si Asa.

3Pinatnubayan si Jehoshafat ni Yahweh sapagkat tinularan niya ang mabuting pamumuhay ng kanyang ama noong una. Hindi siya sumamba sa mga Baal.

4Nanalig siya sa patnubay ng Diyos ng kanyang ama. Sinunod niya ang Kautusan ng Diyos at hindi tinularan ang ginawa ng mga naging hari ng Israel.

5Kaya, pinatatag ni Yahweh ang kaharian ni Jehoshafat at ang buong Juda ay nagbuwis sa kanya. Nagkaroon siya ng maraming kayamanan at malaking karangalan.

6Masigla siyang naglingkod kay Yahweh. Inalis niya sa buong Juda ang mga bahay-sambahan ng mga pagano at ang mga rebulto ni Ashera.

7Nang ikatlong taon ng kanyang paghahari, inutusan niya ang kanyang mga opisyal na sina Benhayil, Obadias, Zacarias, Netanel, at Micaias na magturo sa mga lunsod ng Juda.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Kasama rin nila ang mga Levitang sina Semaias, Netanias, Zebadias, Asahel, Semiramot, Jehonatan, Adonijas, Tobias, Tobadonijas at ang mga paring sina Elisama at Jehoram.

9Nagturo sila sa mga lunsod sa buong Juda na dala ang aklat ng Kautusan ni Yahweh.

**Ang Kapangyarihan ni Jehoshafat**

10Ang mga kaharian sa palibot ng Juda ay pinagharian ng takot kay Yahweh kaya't hindi nila dinigma si Jehoshafat.

11Nagpadala sa kanya ng mga pilak ang mga Filisteo bilang buwis. Nagbigay naman ang mga Arabo ng pitong libo't pitong daang lalaking tupa at gayundin karaming kambing na lalaki.

12Lalong naging makapangyarihan si Jehoshafat. Pinaderan niya ang mga lunsod sa Juda at nagpatayo ng mga lunsod-imbakan.

13Napakarami ng kanyang inipong kayamanan sa mga lunsod ng Juda. Naglagay siya ng matatapang na kawal sa Jerusalem.

14Ganito ang kanilang mga pangkat ayon sa kanilang mga angkan—sa lipi ni Juda: tatlong daang libong kawal. Si Adna ang pinakamataas nilang pinuno.

15Pangalawa si Jehohanan na namahala sa pangkat na binubuo ng dalawandaan at walumpung libo.

16Ang pangatlo ay si Amazias na anak ni Zicri na kusang-loob na naghandog ng paglilingkod kay Yahweh. Ang pinamahalaan naman niya'y dalawandaang libong matatapang na kawal.

17Sa lipi ni Benjamin: si Eliada, isang mahusay na kawal, ang namahala sa pangkat na may dalawandaang libong may sandatang mga pana at panangga.

18Ang pangalawa sa kanya ay si Jehosabad na namahala naman sa sandaan at walumpung libong kawal na handa sa pakikipaglaban.

19Ang mga pangkat na ito ang naglingkod sa hari, bukod sa nakapuwesto sa mga may pader na lunsod sa buong Juda.

## 2 Mga Cronica 18

**Ang Babala ni Propeta Micaias kay Ahab**
(1 Ha. 22:1-28)

1Nang si Jehoshafat ay yumaman at naging tanyag, nakipagkaibigan siya kay Ahab. Ipinakasal ni Jehoshafat ang isang kabilang sa kanyang pamilya sa isang kabilang sa pamilya ni Ahab.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Lumipas ang ilang taon at dinalaw niya si Ahab sa Samaria. Nagpapatay si Ahab ng maraming tupa at baka para sa kanyang mga panauhin. Sa pagkakataong iyon, hinikayat ni Ahab si Jehoshafat na salakayin nila ang Ramot-gilead.

3Nang tanungin ni Ahab na hari ng Israel si Jehoshafat na hari ng Juda tungkol dito, ganito ang sagot niya, “Handa ako at ang aking mga tauhan. Sasama kami sa inyo sa digmaan.

4Ngunit bago natin gawin ito, sumangguni muna tayo kay Yahweh.”

5Tinipon ng hari ng Israel ang apatnaraang propeta at tinanong kung dapat bang salakayin ang Ramot-gilead o hindi. “Sumalakay kayo,” ang nagkakaisang tugon nila, “ibibigay iyon ng Diyos sa inyong mga kamay.”

6Ngunit nagtanong si Jehoshafat kung wala na bang ibang propeta si Yahweh na maaari nilang mapagtanungan.

7Sumagot ang hari ng Israel, “Mayroon pang isa. Si Micaias na anak ni Imla. Kaya lang, galit ako sa taong iyon sapagkat wala na siyang mabuting propesiya tungkol sa akin, puro na lang masama.” “Huwag kayong magsalita nang ganyan, mahal na hari,” sabi ni Jehoshafat.

8Ipinatawag agad ng hari ng Israel ang isa sa mga opisyal niya upang ipasundo si Micaias.

9Nakaupo ang dalawang hari sa kani-kanilang trono sa gitna ng giikan sa may pintuan ng Samaria. Nakasuot sila ng mariringal na damit at nasa harapan nila ang mga propeta na nagpapahayag.

10Naroon din si Zedekias na anak ni Quenaana. May dala itong mga sungay na bakal na ginawa niya at ang sabi, “Ito ang sinasabi ni Yahweh: ‘Sa pamamagitan ng mga sungay na ito, maitataboy ninyo ang mga taga-Siria hanggang sa sila'y malipol.’”

11Ganito rin ang sinabi ng mga propetang naroon. Iisa ang payo nila, “Salakayin ninyo ang Ramot-gilead at magtatagumpay kayo, sapagkat ibibigay ito ni Yahweh sa kamay ng hari.”

12Samantala, nakita si Micaias ng sugo ng hari. Sinabi niya, “Ang ibang mga propeta'y nagkaisang magpahayag nang kasiya-siya sa hari. Makakabuting kasiya-siya rin ang ipahayag mo.”

13Ngunit sinabi ni Micaias, “Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy, kung ano ang sasabihin niya sa akin iyon din ang aking sasabihin.”

14Pagdating ni Micaias, tinanong siya ng hari, “Dapat ba o hindi dapat na salakayin namin ang Ramot-gilead?” Ang tugon niya, “Humayo kayo at magtagumpay. Tiyak na ibibigay sila ni Yahweh sa inyong mga kamay.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Ngunit sinabi ng hari, “Hanggang kailan ko ba sasabihin sa iyo na sa pangalan ni Yahweh ay pawang katotohanan lamang ang iyong sasabihin sa akin?”

16At sumagot si Micaias, “Nakita kong nagkawatak-watak ang hukbo ng Israel, Nagkalat sa kabundukan parang tupang walang pastol! Narinig kong sinabi ni Yahweh, ‘Sila'y walang tagapanguna kaya't pauwiin na silang mapayapa.’”

17Sinabi ng hari ng Israel kay Jehoshafat, “Hindi ba't sinabi ko sa iyo na ang taong iyan ay walang mabuting propesiya tungkol sa akin, at puro na lang masama?”

18“Makinig kayo sa sinasabi ni Yahweh,” sabi ni Micaias. “Nakita kong nakaupo si Yahweh sa kanyang trono at ang buong hukbo ng kalangita'y nakahanay sa magkabilang tabi niya.

19Nagtanong si Yahweh, ‘Sino ang mag-uudyok kay Haring Ahab ng Israel na sumalakay upang mapatay siya sa Ramot-gilead?’

20Isa't isa'y may kanyang sinasabi, hanggang may isang espiritu na tumayo sa harapan ni Yahweh at sinabi, ‘Ako ang mag-uudyok sa kanya.’

21‘Paano mo iyan gagawin?’ tanong ni Yahweh. ‘Pupunta ako at uudyukan kong magsinungaling ang lahat ng kanyang mga propeta,’ sagot niya. ‘Gawin mo iyan at magtatagumpay ka,’ sabi ni Yahweh.

22“Ipinahintulot ni Yahweh na magsinungaling sa iyo ang mga propeta mo. Subalit itinakda na niya na mapapahamak ka!”

23Lumapit si Zedekias kay Micaias at sinampal niya ito. Sinabi niya, “Kailan pa ako iniwan ng Espiritu ni Yahweh upang magsalita sa iyo?”

24“Malalaman mo rin iyon kapag nagtago ka na sa loob ng isang silid,” sagot ni Micaias.

25Iniutos ng hari ng Israel na dakpin si Micaias at ibigay sa kanyang anak na si Joas at kay Ammon na gobernador ng lunsod.

26“Ikulong ninyo siya at bigyan ng kaunting tinapay at tubig lamang hanggang makauwi akong ligtas,” sabi niya.

27“Kapag nakauwi kang ligtas, hindi nga ako kinausap ni Yahweh,” sagot naman ni Micaias. Sinabi pa niya, “Tandaan ninyo ang lahat ng sinabi ko.”

**Ang Kamatayan ni Ahab**

(1 Ha. 22:29-35)

28Magkasamang lumusob sa Ramot-gilead ang hari ng Israel at si Jehoshafat na hari ng Juda.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29Sinabi ng hari ng Israel kay Jehoshafat, “Magbabalatkayo ako pagpunta sa labanan ngunit magsuot ka ng damit-hari.” Nakabalatkayo nga ang hari ng Israel na pumunta sa labanan.

30Iniutos ng hari ng Siria sa kanyang mga pinuno ng mga karwahe na ang hari ng Israel ang tutukan sa pagsalakay.

31Nang makita nila si Jehoshafat, inisip nilang ito ang hari ng Israel, kaya't dinaluhong nila ito. Nanalangin nang malakas kay Yahweh si Jehoshafat upang siya'y iligtas. Tinulungan naman siya ng Diyos na si Yahweh at itinaboy nito ang mga kaaway.

32Nang malaman ng mga pinunong nasa karwahe na hindi siya ang hari ng Israel, hindi na nila ito hinabol.

33Ngunit sinamang-palad naman ang hari ng Israel. Tinamaan siya ng isang ligaw na palaso buhat sa kaaway. Tumagos ang palaso sa pagitan ng kanyang baluti at siya'y nasugatan. Sinabi niya sa nagpapatakbo ng kanyang karwahe, “Umalis na tayo rito! Malubha ang tama ko.”

34Naging mahigpit ang labanan nang araw na iyon. Nanatiling nakasandal si Ahab sa kanyang karwahe na nakaharap sa mga taga-Siria. Paglubog ng araw ay namatay siya.

## 2 Mga Cronica 19

### Pinagsabihan ng Propeta si Jehoshafat

1Ligtas na nakabalik sa kanyang palasyo sa Jerusalem si Jehoshafat na hari ng Juda.

2Sinalubong siya ng propetang si Jehu, anak ni Hanani, at sinabi sa kanya, “Dapat mo bang tulungan ang masasama at kumampi sa mga napopoot kay Yahweh? Sa ginawa mong ito ay ginalit mo si Yahweh.

3Gayunma'y hindi ka naman lubos na masama sapagkat inalis mo sa lupain ang mga rebulto ng diyus-diyosang si Ashera at sinikap mo ring sumunod sa Diyos.”

### Ang mga Repormang Isinagawa ni Jehoshafat

4Kahit na sa Jerusalem nakatira si Jehoshafat, pumupunta siya sa Beer-seba hanggang sa kaburulan ng Efraim upang hikayatin ang mga tao na magbalik-loob kay Yahweh, ang Diyos ng kanilang mga ninuno.

5Naglagay siya ng mga hukom sa buong lupain, isa sa bawat may pader na lunsod ng Juda.

6Sinabi niya sa kanila, “Mag-ingat kayo sa paghatol sapagkat humahatol kayo para kay Yahweh at hindi para sa tao. Kasama ninyo siya sa inyong paghatol.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Igalang at sundin ninyo si Yahweh. Mag-ingat kayo sa paghatol sapagkat hindi pinahihintulutan ng Diyos nating si Yahweh ang pandaraya, ang pagkiling sa sinuman at ang pagtanggap ng suhol."

8Naglagay rin si Jehoshafat sa Jerusalem ng mga hukom na binubuo ng mga Levita, mga pari at mga pinuno ng mga angkan ng Israel. Pinili niya ang mga ito upang humatol sa mga usapin ukol sa paglabag sa mga kautusan ni Yahweh at sa mabibigat na usapin ng mga taong-bayan.

9Sinabi niya sa kanila, "Gampanan ninyo ang inyong tungkulin nang may takot kay Yahweh nang buong puso, at nang buong katapatan.

10Kapag ang inyong mga kapatid mula sa ibang lunsod ay nagsampa sa inyo ng usaping may kinalaman sa pagpatay ng tao o anumang paglabag sa kautusan, pangaralan ninyo silang mabuti upang hindi sila magkasala sa harap ni Yahweh. Sa ganitong paraan, hindi magagalit si Yahweh sa inyo at sa kanila.

11Sa mga bagay na nauukol kay Yahweh, si Amarias na pinakapunong pari ang mamumuno sa paglilitis. Sa mga bagay namang nauukol sa hari, si Zebadias na anak ni Ismael at pinuno ng angkan ni Juda ang mamumuno. Ang mga Levita naman ang magiging mga tagapagpatupad ng hatol. Magpakatatag kayo sa inyong paghatol at pagpalain nawa ni Yahweh ang mga matuwid."

## 2 Mga Cronica 20

### Digmaan Laban sa Edom

1Dumating ang panahon na nilusob ng mga Moabita, Ammonita at ilang Meunita si Jehoshafat.

2Nabalitaan niya na isang malaking pangkat mula sa Edom ang sumasalakay sa ibayo ng lawa at nasa Hazazon-tamar, na tinatawag ding En-gedi.

3Nabahala si Jehoshafat at humingi siya ng patnubay kay Yahweh. Iniutos niya na mag-ayuno ang lahat ng mamamayan ng Juda.

4Nagtipun-tipon ang buong Juda upang humingi ng tulong kay Yahweh. Dumating sila buhat sa iba't ibang lunsod.

5Tumayo si Jehoshafat sa harap ng mga taga-Juda at Jerusalem na nagtitipon sa bagong bulwagan ng Templo.

6Nanalangin siya: "O Yahweh, Diyos ng aming mga ninuno at ng buong kalangitan, kayo po ang namamahala sa lahat ng bansa at ikaw ang may lubos na kapangyarihan. Kaya walang maaaring lumaban sa inyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[7]O Diyos namin, ikaw ang nagpalayas sa mga tagarito upang ibigay ang lupaing ito sa bayan mong Israel magpakailanman. Ginawa ninyo iyon ayon sa inyong pangako kay Abraham na inyong kaibigan.

[8]Dito nga sila tumira at itinayo nila ang Templong ito upang dito kayo sambahin. Sabi nila,

[9]'Kung may masamang mangyari sa amin tulad ng digmaan, baha, salot o taggutom, haharap kami sa Templong ito upang humingi ng tulong sa inyo sapagkat dito kayo sinasamba. Tatawag kami sa inyo, papakinggan ninyo kami at ililigtas sa panahon ng aming kagipitan.'

[10]"Ngayo'y sinasalakay kami ng mga kawal mula sa Ammon, Moab at sa kaburulan ng Edom, mga lugar na hindi ninyo ipinahintulot na pasukin ng mga Israelita nang umalis sila sa Egipto, kaya sila'y hindi nawasak.

[11]Ngayo'y ito po ang iginanti nila sa amin! Sinalakay nila kami at nais palayasin sa lupaing ito na ipinamana ninyo sa amin.

[12]Ikaw po ang Diyos namin, parusahan ninyo sila. Hindi namin kayang labanan ang ganito karaming hukbo. Hindi po namin alam ang aming gagawin. Sa inyo lamang kami umaasa."

[13]Samantala, lahat ng kalalakihan ng Juda kasama ang kanilang mga asawa't anak ay dumulog kay Yahweh.

[14]Ang Espiritu ni Yahweh ay lumukob kay Jahaziel na anak ni Zacarias. Apo siya ni Benaias na anak ni Jeiel na apo naman ni Matanias, isa sa mga Levitang anak ni Asaf.

[15]Sinabi niya, "Makinig kayo, Haring Jehoshafat, at kayong mga taga-Juda at Jerusalem. Ganito ang sinasabi sa inyo ni Yahweh: 'Huwag kayong matakot ni masiraan ng loob dahil sa maraming kaaway. Ang Diyos ang makikipaglaban at hindi kayo.

[16]Harapin ninyo sila bukas sapagkat aahon sila sa Ziz. Makakasagupa ninyo sila sa may dulo ng libis sa silangan ng ilang ng Jeruel.

[17]Hindi na kayo kailangang lumaban. Manatili na lamang kayo sa inyong kinatatayuan at maghintay. Makikita ninyo ang pagtatagumpay ni Yahweh para sa inyo.' Kaya hindi kayo dapat matakot ni masiraan ng loob. Harapin ninyo sila bukas sapagkat si Yahweh ang kasama ninyo!"

[18]Si Jehoshafat at ang buong Juda at ang mga mamamayan ng Jerusalem ay nagpatirapa at sumamba kay Yahweh.

[19]Tumayo naman ang mga Levita sa angkan ni Kohat at Korah at sa napakalakas na tinig ay nagpuri sila kay Yahweh, ang Diyos ng Israel.

[20]Kinabukasan, maaga silang lumabas patungo sa ilang ng Tekoa. Ngunit bago sila umalis, sinabi sa kanila ni Jehoshafat, "Makinig kayo, mga taga-

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Juda at Jerusalem. Magtiwala kayo sa Diyos ninyong si Yahweh at magiging matatag kayo. Maniwala kayo sa kanyang mga propeta at magtatagumpay kayo."

21Matapos niyang paalalahanan ang mga tao, pumili siya ng mga mang-aawit na magpupuri kay Yahweh dahil sa kanyang kahanga-hangang kabanalan. Inilagay niya ang mga ito sa unahan ng hukbo at habang daa'y umaawit: "Purihin si Yahweh, pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman."

22Nang marinig ng mga kaaway ang awitan, ginulo sila ni Yahweh. Dahil dito, sila-sila ang nagkagulo.

23Ang sinalakay ng mga Ammonita at Moabita ay ang kasama nilang taga-Edom, at nilipol nila ang mga ito. Pagkatapos, sila-sila ang nagpatayan.

24Umakyat ang mga taga-Juda sa tore na nasa disyerto at nagmanman sa mga kaaway. Wala silang nakitang nakatakas. Lahat ay patay na nakahandusay sa lupa.

25Napakaraming nasamsam ni Jehoshafat at ng kanyang mga kasama. Halos hindi nila madala ang nasamsam nilang kawan, mga kagamitan, damit at maraming mahahalagang bagay. Tatlong araw nila itong hinakot ngunit sa sobrang dami ay hindi nila nakuhang lahat.

26Nang ikaapat na araw, nagtipon sila sa isang libis at nagpuri kay Yahweh. Kaya, simula noo'y tinawag na Libis ng Beraca ang lugar na iyon.

27Sa pangunguna ni Jehoshafat, umuwi na ang lahat ng mga taga-Juda at Jerusalem. Tuwang-tuwa sila dahil sa tagumpay na ipinagkaloob sa kanila ni Yahweh.

28Pagdating nila sa Jerusalem ay tumuloy sila sa Templo, kasabay ng tugtog ng mga alpa, lira at trumpeta.

29Mula noon, ang lahat ng kaharian at bansa ay natakot nang malaman nila kung paano tinalo ni Yahweh ang mga kaaway ng Israel.

30Naging tahimik ang buong nasasakupan ni Jehoshafat, at binigyan siya ng Diyos ng kapayapaan sa buong kaharian.

### Ang Buod ng Kasaysayan ni Jehoshafat

(1 Ha. 22:41-50)

31Tatlumpu't limang taóng gulang si Jehoshafat nang magsimula siyang maghari, at namahala siya sa Jerusalem sa loob ng dalawampu't limang taon. Ang ina niya'y si Azuba na anak ni Silhi.

32Tulad ng kanyang amang si Asa, ginawa niya ang mabuti sa paningin ni Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

33Gayunman, nanatili pa rin ang mga dambana ng mga pagano. Hindi pa lubusang nanumbalik ang mga tao sa Diyos ng kanilang mga ninuno.

34Ang iba pang ginawa ni Jehoshafat buhat sa simula hanggang wakas ay nakasulat sa *Kasaysayan ni Jehu na Anak ni Hanani* na bahagi ng *Aklat ng Kasaysayan ng mga Hari ng Israel*.

35Dumating ang panahong si Jehoshafat ay nakipagkasundo kay Ahazias, isang masamang hari ng Israel.

36Nagkaisa silang magpagawa ng mga malalaking barko sa Ezion-geber.

37Sa ginawang ito, sinabi ni Eliezer, anak ni Dodavahu na taga-Maresa, laban kay Jehoshafat, "Dahil sa pakikiisa mo kay Ahazias, wawasakin ni Yahweh ang lahat ng ginawa mo." At lahat nang mga barkong ipinagawa nila ay winasak ng bagyo at hindi nakaalis.

## 2 Mga Cronica 21

### Si Haring Jehoram ng Juda
(2 Ha. 8:16-24)

1Namatay si Jehoshafat at inilibing sa Lunsod ni David sa libingan ng kanyang mga ninuno. Pumalit sa kanya ang kanyang anak na si Jehoram.

2Ang iba pang mga anak na lalaki ni Haring Jehoshafat ng Juda ay sina Azarias, Jehiel, Zacarias, Azarias, Micael at Sefatias.

3Pinamanahan sila ng kanilang ama ng maraming pilak, ginto at iba pang mahahalagang ari-arian. Binigyan din sila ng mga may pader na lunsod sa Juda, ngunit kay Jehoram ibinigay ang paghahari sapagkat siya ang panganay.

4Nang matatag na ang paghahari ni Jehoram, pinatay niya ang kanyang mga kapatid at ang ilan pang pinuno sa Juda.

5Tatlumpu't dalawang taon siya nang magsimulang maghari at walong taóng namahala sa Juda. Sa Jerusalem siya nanirahan.

6Sapagkat napangasawa niya ang anak ni Ahab, ginawa rin niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh. Nagpakasama rin siya tulad ng mga naging hari ng Israel, tulad ng sambahayan ni Ahab.

7Ngunit ayaw wasakin ni Yahweh ang paghahari ng angkan ni David alang-alang sa kanyang pangako kay David. Ipinangako ni Yahweh na ang paghahari ay hindi niya aalisin sa angkan ni David magpakailanman.

8Nang panahon ng pamamahala ni Jehoram, naghimagsik ang Edom laban sa Juda at naglagay ng sariling hari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Inilabas ni Jehoram at ng kanyang mga pinuno ang lahat nilang karwahe at sinalakay ang Edom. Gabi nang sila'y sumalakay, ngunit napaligiran sila at natalo.

10Kaya mula noon, hindi na muling nasakop ng Juda ang Edom. Naghimagsik din kay Jehoram ng Juda ang Lunsod ng Libna dahil sa pagtalikod nito kay Yahweh, ang Diyos ng kanyang mga ninuno.

11Hindi lamang iyon, nagtayo pa siya ng mga sambahan ng mga pagano sa mga burol ng Juda at nanguna sa mga taga-Jerusalem sa pagsamba sa mga diyus-diyosan. Siya ang nanguna sa mga taga-Juda para gumawa ng kasamaan.

12Tumanggap si Jehoram ng isang sulat mula kay Elias na isang propeta. Ang sabi sa liham: "Ito ang mensahe ni Yahweh, ang Diyos ni David na iyong ama, 'Hindi mo sinundan ang halimbawa ng iyong amang si Jehoshafat at ni Asa na hari sa Juda.

13Sa halip, ang sinunod mo'y ang ginawa ng mga hari sa Israel. Inakit mo sa masamang gawain ang Juda at ang mga taga-Jerusalem gaya ng ginawa sa Israel ng sambahayan ni Ahab. Pinatay mo ang iyong mga kapatid at kasambahay na mas mabuti kaysa iyo.

14Dahil dito, paparusahan ni Yahweh ang iyong bayan, ang iyong mga asawa't anak, at mawawasak ang lahat ng mga ari-arian mo.

15Magkakasakit ka nang malubha at luluwa ang mga bituka mo sa tindi ng hirap na daranasin mo sa araw-araw.'"

16Ginamit ni Yahweh ang mga Filisteo at ang mga Arabong malapit sa Etiopia laban kay Jehoram.

17Kaya't nilusob ng mga ito ang Juda at sinamsam lahat ang ari-arian sa palasyo. Binihag nila ang lahat ng anak at asawa ng hari, maliban sa kanyang bunsong anak na lalaking si Ahazias.

18Pagkatapos niyon, si Jehoram ay pinadapuan ni Yahweh ng malubhang sakit sa bituka, isang karamdamang walang lunas.

19Makalipas ang dalawang taon, lumuwa ang kanyang bituka at dumanas siya ng matinding hirap hanggang sa siya'y mamatay. Hindi man lamang siya ipinagluksa ng kanyang mga kababayan; di tulad ng ginawa nila sa kanyang mga ninuno.

20Si Jehoram ay tatlumpu't dalawang taon nang magsimulang maghari, at walong taon siyang namahala. Wala isa mang nalungkot sa kanyang pagkamatay. Doon siya inilibing sa Lunsod ni David ngunit hindi isinama sa libingan ng mga hari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

## 2 Mga Cronica 22

### Si Haring Ahazias ng Juda

(2 Ha. 8:25-29; 9:21-28)

1Pagkamatay ni Jehoram, ang bunsong anak nitong si Ahazias ang iniluklok ng mga taga-Jerusalem upang maging hari. Ang ibang mga kapatid niya ay napatay ng pangkat na sumalakay sa Juda kasama ng mga Arabo, kaya siya ang ginawang hari ng Juda.

2Apatnapu't dalawang taon na si Ahazias nang magsimulang maghari at isang taon siyang namahala sa Juda. Sa Jerusalem siya nanirahan. Ang ina niya'y si Atalia na apo ni Omri.

3Sinunod din ni Ahazias ang gawain ng mga hari sa Israel sapagkat ang kanyang ina ang naging tagapayo niya sa paggawa ng masama.

4Tulad sa angkan ni Ahab, hindi nalugod si Yahweh sa ginawa niya sapagkat ang mga ito ang naging tagapayo niya pagkamatay ng kanyang ama. At ito ang dahilan ng kanyang pagbagsak.

5Ang mga ito rin ang sinunod niya nang sumama siya kay Joram na anak ni Haring Ahab ng Israel upang labanan sa Ramot-gilead si Hazael na hari ng Siria. Sa labanang iyon nasugatan si Joram.

6Dahil sa nangyaring ito, ibinalik siya sa Jezreel upang doon magpagaling ng mga sugat. Doon siya dinalaw ni Ahazias.

7Kalooban ng Diyos na ang pagdalaw niyang ito ang maging pagkakataon para siya bumagsak. Sumama siya kay Joram upang makipagkita kay Jehu na anak ni Namsi. Si Jehu ang pinili ni Yahweh upang lipulin ang sambahayan ni Ahab.

8Sa pagsasakatuparan nito, natagpuan niya ang mga pinuno ng Juda at ang mga pamangkin ni Ahazias na naglilingkod dito. Kaya't pinagpapatay niya ang mga ito.

9Ipinahanap nila si Ahazias at natagpuan ito sa Samaria. Dinala nila ito kay Jehu at kanyang ipinapatay. Ipinalibing niya ito at ang sabi, “Apo ito ni Jehoshafat na tapat na naglingkod kay Yahweh.” Walang natira sa sambahayan ni Ahazias na may kakayahang maghari sa Juda.

### Si Reyna Atalia ng Juda

(2 Ha. 11:1-3)

10Nang malaman ni Atalia na ang anak niyang si Ahazias ay patay na, pinagpapatay rin niya ang sambahayan ng hari ng Juda.

11Ngunit naitakas ni Jehosabet ang anak ni Ahazias na si Joas. Itinago niya ito sa isang silid-tulugan sa Templo kasama ng tagapag-alaga. Sa ganoong paraan iniligtas ni Jehosabet ang kanyang pamangking si Joas. Si Jehosabet

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ay asawa ng paring si Joiada at kapatid ni Ahazias sapagkat sila'y anak ni Haring Jehoram.

12Si Joas ay itinago niya sa Templo kaya hindi napatay. Anim na taon siya roon, sa buong panahong namamahala si Atalia bilang reyna.

## 2 Mga Cronica 23

### Ang Paghihimagsik Laban kay Reyna Atalia

(2 Ha. 11:4-16)

1Noong ikapitong taon, naglakas-loob si Joiada na makipagkasundo sa mga pinuno ng hukbo na sina Azarias na anak ni Jeroham, Ismael na anak ni Jehohanan, Azarias na anak ni Obed, Maasias na anak ni Adaya at Elisafat na anak ni Zicri. Mga pinuno sila ng mga pangkat na daan-daan.

2Nilibot nila ang buong Juda at tinipon sa Jerusalem ang lahat ng Levita mula sa mga lunsod at ang mga pinuno ng mga angkan ng Israel.

3Nagtipun-tipon sila sa bulwagan ng Templo ng Diyos at nanumpa ng katapatan sa hari. Sinabi sa kanila ni Joiada: "Narito ang anak ng yumaong hari! Dapat siyang maghari ayon sa pangako ni Yahweh tungkol sa mga anak ni David.

4Ito ang inyong gagawin: Ang ikatlong bahagi ng mga pari at Levita na naglilingkod kung Araw ng Pamamahinga ay magbabantay sa mga pintuan, ang isa pang ikatlo'y sa palasyo

5at ang natirang ikatlo'y doon naman sa Pintong Saligan. Ang buong bayan naman ay maghihintay sa mga bulwagan ng Templo ni Yahweh.

6Walang papasok sa Templo kundi ang mga pari at mga Levitang naglilingkod. Sila lamang ang makakapasok sapagkat sila lamang ang itinalaga ng Diyos para dito. Subalit ang mga taong-bayan ay maghihintay sa labas gaya nang ipinag-uutos ni Yahweh.

7Sa palibot ng hari'y magbabantay ang mga Levita na ang bawat isa'y may sandata. Papatayin ang sinumang mangahas pumasok sa Templo. Huwag ninyong hihiwalayan ang hari."

8Sinunod ng mga Levita at ng mga mamamayan ng Juda ang lahat ng utos ng paring si Joiada. Ang bawat pinuno ay laging kasama ng kanyang mga tauhan pati ang pangkat na pamalit o papalitan sa Araw ng Pamamahinga sapagkat sila'y hindi pinapauwi ni Joiada.

9Ibinigay niya sa mga pinuno ng hukbo ang mga sibat at ang malalaki at maliliit na panangga ni Haring David na nakatago sa Templo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10May sandata ang bawat isa at ang lahat ay nakabantay sa bawat sulok mula sa timog hanggang hilaga ng palasyo at sa palibot ng altar sa harapan ng Templo.

11Nang maisagawa na ang lahat ng ito, inilabas ni Joiada ang anak ng hari at pinutungan ng korona. Ibinigay sa kanya ang isang kopya ng kasulatan tungkol sa paghahari at ipinahayag siyang hari. Lumapit si Joiada at ang kanyang mga anak at pinahiran siya ng langis. Nagsigawan ang lahat, “Mabuhay ang hari!”

12Nang marinig ni Atalia ang ingay ng mga taong nagbubunyi sa hari, pumunta siya sa Templo.

13Nakita niyang nakatayo ang hari sa may haligi sa may pintuan ng Templo. Lahat ay masayang umaawit at may tumutugtog ng trumpeta at ng iba pang mga instrumento. Pinunit ni Atalia ang kanyang kasuotan at sumigaw, “Ito'y isang kataksilan!”

14“Ilabas ang babaing iyan!” utos ni Joiada sa mga pinuno ng hukbo. “Patayin ang sinumang magtangkang magligtas sa kanya. Huwag ninyo siyang patayin sa loob ng Templo ni Yahweh.”

15Dinakip nila si Atalia at dinala sa palasyo sa may pintong daanan ng mga kabayo. Doon nila siya pinatay.

### Ang mga Repormang Isinagawa ng Paring si Joiada

(2 Ha. 11:17-20)

16Pagkatapos, nakipagkasunduan si Joiada sa mga tao at sa hari na sila'y magiging sambayanan ni Yahweh.

17Nagkaisa ang lahat na wasakin ang Templo ni Baal kaya't dinurog nila ang mga altar at ang mga rebultong naroon. Pinatay nila sa harap ng mga altar si Matan, ang pari ni Baal.

18Naglagay si Joiada ng mga tagapagbantay sa Templo, sa ilalim ng pamamahala ng mga pari at ng mga Levita na inilagay ni David sa tungkuling iyon. Sila ang mag-aalay ng mga handog na susunugin ayon sa nakasulat sa Kautusan ni Moises. Sila rin ang mamamahala sa awitan at sa pagdiriwang ayon sa kaayusang ginawa ni David.

19Pinabantayan ni Joiada ang lahat ng pintuan ng Templo para hindi makapasok ang sinumang itinuturing na marumi.

20Pagkatapos, tinawag niya ang mga pinuno ng bawat pangkat na daan-daan, ang mga pangunahing mamamayan, mga pinuno ng bayan at ang lahat ng mamamayan sa lupain. Inihatid nila ang hari mula sa Templo patungo sa palasyo. Dumaan sila sa malaking pintuan at kanilang pinaupo sa trono ang hari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Nagdiwang ang lahat ng tao sa buong lupain. Naging tahimik ang lunsod nang mapatay si Atalia.

## 2 Mga Cronica 24

### Si Haring Joas ng Juda

(2 Ha. 12:1-16)

1Pitong taóng gulang si Joas nang siya'y maging hari at apatnapung taon siyang naghari sa Jerusalem. Ang kanyang ina ay si Sibias na taga-Beer-seba.

2Kalugud-lugod sa paningin ni Yahweh ang lahat ng ginawa niya habang nabubuhay ang paring si Joiada.

3Ikinuha ni Joiada si Joas ng dalawang asawa at nagkaroon siya sa mga ito ng maraming anak na lalaki at babae.

4Hindi nagtagal, ipinasya ni Joas na ipaayos ang mga sira sa Templo ni Yahweh.

5Kaya ipinatawag niya ang mga pari at ang mga Levita. Iniutos niya sa mga ito: "Libutin ninyo ang mga lunsod ng Juda at pagbayarin ninyo ang mga tao ng buwis para sa taunang pagpapaayos ng Templo ng inyong Diyos. Gawin ninyo ito sa lalong madaling panahon." Ngunit hindi agad kumilos ang mga Levita.

6Dahil dito, tinawag ng hari ang pinuno ng mga pari na si Joiada. Sinabi ng hari sa kanya, "Ano ba ang ginagawa mo at hanggang ngayon ay wala pang nalilikom na buwis ang mga Levita mula sa mga taga-Juda at taga-Jerusalem? Ang buwis na iyan ay ipinag-utos sa Israel ni Moises na lingkod ni Yahweh para sa Toldang Tipanan."

7Ang Templo ng Diyos ay pinasok ng mga anak ng masamang babaing si Atalia. Kinuha nila ang lahat ng kayamanan at kasangkapan doon at ginamit pa sa pagsamba kay Baal.

8Iniutos ng hari na gumawa ng isang kaban at ilagay ito sa may pasukan ng Templo.

9At ipinahayag niya sa buong Juda at Jerusalem na dalhin ang kanilang buwis para kay Yahweh gaya nang utos ni Moises noong sila'y nasa ilang.

10Nagalak ang mga tao at ang kanilang mga pinuno, at naghulog sila ng kani-kanilang buwis sa kaban hanggang sa mapuno ito.

11Dinadala naman ito ng mga Levita sa mga kagawad ng hari at ang laman nito ay kinukuha ng kalihim ng hari at ng kanang-kamay ng pinakapunong pari. Pagkatapos, ibinabalik uli ang kaban sa may pasukan ng Templo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Ganito ang ginagawa nila araw-araw kaya't nakalikom sila ng malaking halaga.

12Ang nalilikom nilang salapi ay ipinagkakatiwala naman ng hari at ni Joiada sa mga namamahala sa pagpapagawa ng Templo. Umupa sila ng mga kantero, mga karpintero at mga panday ng bakal at ng tanso upang magkumpuni ng mga sira sa Templo.

13Nagtrabaho nang mabuti ang mga manggagawa. Ibinalik nila sa dating kalagayan ang Templo ng Diyos at pinatibay pa ito.

14Ibinalik nila sa hari at kay Joiada ang natirang salapi at ipinagpagawa naman ito ng mga kagamitan sa Templo. Gumawa sila ng kasangkapang gamit sa paglilingkod at handog na susunugin, mga lalagyan ng insenso at iba pang mga sisidlang ginto at pilak. Patuloy silang naghahandog ng mga haing susunugin sa Templo ni Yahweh habang nabubuhay pa si Joiada.

**Binago ang mga Patakaran ni Joiada**

15Tumanda si Joiada at umabot sa sandaan at tatlumpung taóng gulang bago siya namatay.

16Inilibing siya sa libingan ng mga hari sa Lunsod ni David sapagkat naging mabuti siya sa Israel, sa Diyos at sa Templo nito.

17Pagkamatay ni Joiada, ang mga pinuno ng Juda ay nagbigay-galang sa hari at sila na ang pinapakinggan ng hari.

18At pinabayaan nila ang Templo ni Yahweh na Diyos ng kanilang mga ninuno. Sa halip, sumamba sila sa mga Ashera at sa mga diyus-diyosan. Dahil dito, nagalit ang Diyos at pinarusahan ang mga taga-Juda at ang mga taga-Jerusalem.

19Gayunma'y nagsugo si Yahweh ng mga propeta upang ang mga tao'y magbalik-loob sa kanya. Ngunit hindi sila nakinig sa mga ito.

20Dahil dito, lumukob ang Espiritu ng Diyos kay Zacarias na anak ng paring si Joiada. Tumayo siya sa harap ng bayan. Sinabi niya, “Ito ang sinabi ng Diyos: ‘Bakit ninyo nilalabag ang mga utos ni Yahweh? Bakit ninyo ipinapahamak ang inyong mga sarili. Sapagkat itinakwil ninyo siya, itinakwil din niya kayo!’”

21Ngunit nagsabwatan ang mga tao laban sa kanya. At sa utos ng hari, binato nila si Zacarias hanggang sa mamatay. Naganap ito sa bulwagan ng Templo ni Yahweh.

22Kinalimutan ni Haring Joas ang kagandahang-loob sa kanya ni Joiada na ama ni Zacarias. Bago namatay si Zacarias, ganito ang kanyang sinabi, “Makita sana ni Yahweh ang ginagawa ninyong ito at parusahan niya kayo!”

**Ang Wakas ng Paghahari ni Joas**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Nang patapos na ang taóng iyon, si Joas ay sinalakay ng hukbo ng Siria. Pinasok ng mga ito ang Juda at Jerusalem at pinatay ang mga pinuno ng bayan. Lahat ng sinamsam nila'y ipinadala sa hari sa Damasco.

24Maliit man ang hukbo ng Siria ay nagtagumpay sila laban sa malaking hukbo ng Juda sapagkat itinakwil nito si Yahweh, ang Diyos ng kanilang mga ninuno. Sa ganitong paraan pinarusahan si Joas.

25Iniwan ng hukbong Siria si Joas na may malubhang sugat. Ngunit pagkaalis nila, nagkaisa ang mga lingkod ng hari na ipaghiganti ang pagkamatay ng anak ng paring si Joiada. Kaya pinatay nila si Joas sa kanyang higaan. Siya'y inilibing nila sa Lunsod ni David ngunit hindi sa libingan ng mga hari.

26Ang mga kasama sa pagpatay sa kanya ay si Sabad na anak ni Simeat na isang Ammonita at si Jehosabad na anak ni Simrit na isang Moabita.

27Ang mga kasaysayan tungkol sa kanyang mga anak, mga propesiya laban sa kanya at ang kanyang muling pagtatayo sa Templo ay nakasulat sa *Paliwanag sa Aklat ng mga Hari.* Pumalit sa kanya bilang hari ang anak niyang si Amazias.

## 2 Mga Cronica 25

### Si Haring Amazias ng Juda

(2 Ha. 14:2-6)

1Dalawampu't limang taon si Amazias nang siya'y maging hari at dalawampu't siyam na taon siyang naghari sa Jerusalem. Ang kanyang ina ay si Jehoadan na taga-Jerusalem.

2Naging kalugud-lugod kay Yahweh ang kanyang mga ginawa, ngunit hindi niya ginawa ang mga ito nang buong puso.

3Nang matatag na siya sa kanyang paghahari, ipinapatay niya ang mga tauhan niya na pumatay sa kanyang amang hari.

4Ngunit hindi niya pinatay ang kanilang mga anak alinsunod sa utos ni Yahweh na nasa aklat ni Moises na ganito ang sinasabi, “Hindi dapat parusahan ng kamatayan ang mga magulang dahil sa krimeng nagawa ng mga anak ni ang mga anak dahil sa krimeng nagawa ng mga magulang. Ang mismong may sala lamang ang siyang dapat patayin.”

### Digmaan Laban sa Edom

(2 Ha. 14:7)

5Pagkatapos, tinipon ni Amazias ang mga lalaki sa Juda at pinagpangkat-pangkat ayon sa kani-kanilang angkan. Ginawa rin niya ito sa lipi ni Benjamin. Bumuo siya ng mga pangkat na libu-libo at ng mga daan-daan. Nilagyan niya ang mga ito ng kanya-kanyang pinuno. Pagkatapos, ibinukod niya ang mga kabataang may dalawampung taon ang gulang pataas at nakatipon siya ng

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

tatlong daang libo. Lahat ng ito'y handang makipagdigma at sanay humawak ng panangga at sibat.

6Kumuha pa siya sa Israel ng 100,000 matatapang na kawal at inupahan niya ang mga ito ng 3,500 kilong pilak.

7Ngunit may isang lingkod ng Diyos na nagpayo sa kanya ng ganito: “Mahal na hari, huwag po ninyong isasama ang hukbo ng Israel sa inyong pagsalakay sapagkat hindi na po pinapatnubayan ni Yahweh ang mga Efraimitang iyon!

8Maaaring iniisip ninyo na palalakasin nila kayo sa digmaan. Ngunit ang Diyos ang nagbibigay ng tagumpay o pagkatalo. Ipapatalo niya kayo sa inyong mga kaaway.”

9Sinabi ni Amazias sa propeta, “Ngunit paano naman ang mga pilak na naibayad ko na sa kanila?” Sumagot ang propeta ng Diyos, “Higit pa riyan ang maibibigay sa inyo ni Yahweh.”

10Pinauwi na nga ni Amazias ang mga kawal na mula sa Efraim. Dahil dito, lubha silang nagdamdam at umuwing galit na galit sa mga taga-Juda.

11Lumakas ang loob ni Amazias at sumalakay sila sa Libis ng Asin at may sampung libong mga kawal ng Edom ang kanilang napatay.

12Ang sampung libo pa na kanilang nabihag ay dinala nila sa itaas ng bangin at inihulog mula roon kaya namatay ang mga itong bali-bali ang mga buto.

13Ang mga kawal naman ng Israel na pinauwi ni Amazias ay sumalakay sa Juda mula sa Samaria hanggang Beth-horon. Pinagpapatay nila ang tatlong libong mamamayan doon at nag-uwi pa ng maraming samsam.

14Pagkatapos nilang malupig ang mga Edomita, kinuha ni Amazias ang mga diyus-diyosan ng mga ito at dinala sa Jerusalem. Kinilala niyang diyos ang mga iyon, sinamba at hinandugan.

15Ikinagalit ito ni Yahweh, kaya sinugo niya ang isang propeta at sinabi kay Amazias, “Bakit ka sumamba sa mga diyos ng ibang bansa na hindi nakapagligtas sa kanilang sariling bayan mula sa iyong kapangyarihan?”

16Nagsasalita pa ito'y sinabi na sa kanya ng hari, “Kailan pa kita ginawang tagapayo ko? Tumigil ka kung ayaw mong mamatay.” Bago tumahimik ang propeta sinabi muna niya ito: “Alam kong pupuksain ka ng Diyos dahil sa ginawa mong ito at dahil hindi ka nakinig sa aking payo.”

**Dinigma ang Israel**

(2 Ha. 14:8-20)

17Si Amazias na hari ng Juda ay nakipagpulong sa kanyang mga tagapayo. Pagkatapos, nagpadala siya ng mensahe kay Joas na hari ng Israel, na anak ni Joahaz at apo ni Jehu. Hinamon niya ito ng labanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Ito naman ang sagot ni Joas na hari ng Israel: “Ang dawag sa Lebanon ay nagpadala ng sugo sa sedar ng Lebanon upang sabihin, ‘Ang anak mong dalaga'y ipakasal mo sa aking anak.’ Ngunit may dumaang mabangis na hayop mula sa Lebanon at tinapakan ang dawag.

19Sinasabi mong natalo mo ang Edom at ipinagmalaki mo iyon! Mabuti pa'y tumigil ka na sa bahay mo! Bakit lumilikha ka ng gulo na ikapapahamak mo at ng iyong bayan?”

20Ngunit hindi ito pinansin ni Amazias sapagkat kalooban ng Diyos na mahulog sa kamay ni Joas ang Juda, bilang parusa sa pagsamba ni Amazias sa mga diyus-diyosan ng Edom.

21Nagharap sa labanan si Haring Joas ng Israel at si Haring Amazias ng Juda, sa Beth-semes na sakop ng Juda.

22Natalo ng Israel ang Juda at ang mga kawal nito'y tumakas pauwi.

23Ngunit nabihag ni Haring Joas si Haring Amazias at dinala ito sa Jerusalem. Winasak ni Joas ang pader ng lunsod mula sa Pintuang Efraim hanggang sa Pintuan sa Sulok, mga 180 metro ang haba.

24Sinamsam niya ang lahat ng ginto at pilak at mga kagamitan sa Templo ng Diyos na nasa pag-iingat ng mga anak ni Obed-Edom. Sinamsam din niya ang mga kayamanan sa palasyo at nagdala pa siya sa Samaria ng mga bihag.

25Labinlimang taon pang nabuhay si Haring Amazias ng Juda mula nang mamatay si Haring Joas ng Israel.

26Ang iba pang mga ginawa ni Amazias mula sa pasimula hanggang sa wakas ng kanyang paghahari ay nakasulat sa *Aklat ng mga Hari ng Juda at Israel.*

27Mula nang sumuway siya kay Yahweh, nagkaroon ng sabwatan sa Jerusalem laban sa kanya kaya't tumakas siya patungong Laquis, ngunit sinundan siya roon at pinatay.

28Ang kanyang bangkay ay isinakay sa kabayo at inilibing sa libingan ng kanyang mga ninuno sa Lunsod ni David.

## 2 Mga Cronica 26

### Si Haring Uzias ng Juda

(2 Ha. 14:21-22; 15:1-7)

1Ginawang hari ng buong Juda si Uzias sa gulang na labing-anim bilang kahalili ng namatay niyang amang si Amazias.

2Sa panahon ng kanyang paghahari, nabawi niya ang lunsod ng Elat at muli itong itinatag para sa Juda.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Labing-anim na taóng gulang si Uzias nang maging hari at limampu't dalawang taon siyang naghari sa Jerusalem. Ang ina niya'y si Jecolias na taga-Jerusalem.

4Si Uzias ay naging kalugud-lugod kay Yahweh tulad ni Amazias.

5Habang nabubuhay si Zacarias, na nagturo sa kanya na matakot sa Diyos, naglingkod siya nang tapat kay Yahweh, at pinagpapala siya ng Diyos.

6Sinalakay ni Uzias ang mga Filisteo at winasak ang mga kuta sa Gat, Jabne at Asdod. Nagtayo siya ng mga lunsod sa nasasakupan ng Asdod at ng mga Filisteo.

7Tinulungan siya ng Diyos laban sa mga Filisteo at mga Arabo na naninirahan sa Gurbaal at laban sa mga Meunita.

8Nagbabayad sa kanya ng buwis ang mga Ammonita at nakilala siya hanggang sa Egipto dahil sa kanyang kapangyarihan.

9Nagtayo rin siya ng mga kuta sa Jerusalem: isa sa may Pintuan sa Sulok, isa sa Pintuan sa Libis at isa sa Panulukan ng Zion at ng Ofel.

10Nagpagawa rin siya ng mga toreng bantayan sa ilang at nagpahukay ng maraming mga balon para sa kanyang mga kawan sa mga paanan ng burol at sa kapatagan. Palibhasa'y mahilig siya sa pagbubukid, kumuha siya ng mga magsasaka sa kanyang bukirin at mga tagapag-alaga ng ubasan sa kapatagan at kaburulan.

11Si Uzias ay mayroon ding hukbo ng mga kawal na handa sa labanan. Nasa ilalim ito ng pamamahala ni Hananias. Nahahati ito sa maraming pangkat ayon sa listahang ginawa ni Jeiel na kalihim at ng tagapagtalang si Maasias.

12May 2,600 pinuno ng sambahayan ang namamahala sa kanyang hukbo.

13Binubuo ito ng may 300,750, magigiting na mandirigma na laging handang lumaban at magtanggol sa hari.

14Silang lahat ay binigyan ni Uzias ng iba't ibang sandata tulad ng panangga, sibat, helmet, pana at tirador.

15Sa mga tore at mga panulukan ng Jerusalem, naglagay siya ng mga kasangkapang ginawa ng mahuhusay na panday upang ipanghagis ng sibat at ng malalaking bato. Naging tanyag si Uzias at naging makapangyarihan dahil sa tulong na nagmumula sa Diyos.

**Pinarusahan si Uzias Dahil sa Kapalaluan**

16Subalit nang maging makapangyarihan si Uzias, naging palalo siya na siyang dahilan ng kanyang pagbagsak. Nilapastangan niya ang Diyos niyang si Yahweh nang pumasok siya sa Templo upang maghandog sa altar na sunugan ng insenso.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Sinundan siya ng paring si Azarias, kasama ang walumpung matatapang na pari ni Yahweh.

18Nang makita siya ay sinabi nila, "Haring Uzias, wala po kayong karapatang magsunog ng insenso para kay Yahweh. Tanging ang mga paring mula sa angkan ni Aaron lamang ang inatasan ng Diyos sa katungkulang ito. Lumabas na kayo rito sa banal na dako. Nagkakasala kayo sa ginagawa ninyong iyan. Hindi sinasang-ayunan ng PANGINOONG Yahweh ang ginagawa ninyo."

19Nagalit si Haring Uzias sa mga pari. Siya ay nakatayo noon sa tabi ng altar na sunugan ng insenso. Ngunit nang sandaling iyon ay nagkaroon siya ng sakit sa balat na parang ketong sa noo.

20Nang makita ni Azarias at ng mga pari ang nangyari kay Uzias, pinalabas nila ito agad. Hindi naman ito tumutol sapagkat naramdaman niyang siya'y pinarusahan na ni Yahweh.

21Hindi na gumaling ang sakit sa balat ni Haring Uzias hanggang sa siya'y mamatay. Ibinukod siya ng tahanan, inalisan ng lahat ng katungkulan at pinagbawalang pumasok sa Templo ni Yahweh. Ang anak niyang si Jotam ang namahala sa palasyo at sa buong lupain.

22Ang iba pang mga ginawa ni Uzias mula sa simula hanggang katapusan ay itinala ni Isaias na anak ni Amoz.

23Nang ito'y mamatay, inilibing lamang siya sa puntod na malapit sa libingan ng mga hari, sapagkat siya'y nagkaroon ng sakit sa balat na parang ketong. Ang anak niyang si Jotam ang humalili sa kanya bilang hari.

## 2 Mga Cronica 27

### Si Haring Jotam ng Juda
(2 Ha. 15:32-38)

1Si Jotam ay dalawampu't limang taóng gulang nang maging hari at labing-anim na taon siyang naghari sa Jerusalem. Ang kanyang ina ay si Jerusa na anak ni Zadok.

2Tulad ng kanyang amang si Uzias, ang mga ginawa niya'y naging kalugud-lugod sa paningin ni Yahweh ngunit hindi niya ito tinularan sa pagpasok sa Templo upang magsunog ng insenso roon. Sa kabila nito, nagpatuloy pa rin sa pagkakasala ang sambayanan.

3Ipinagawa ni Jotam ang Hilagang Pintuan ng Templo at pinatibay ang pader ng Jerusalem sa gawing Ofel.

4Nagtayo siya ng mga lunsod sa kaburulan ng Juda. Gumawa rin siya ng mga kuta at bantayan sa kakahuyan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Nakipaglaban siya at nagtagumpay sa hari ng mga Ammonita. Nang taóng iyon ay nagbayad sa kanya ang mga Ammonita ng 3,500 kilong pilak, trigo na nakalagay sa 10,000 malalaking sisidlan at sebada na nakalagay sa 10,000 malalaking sisidlan. Gayundin ang ibinayad sa kanya nang ikalawa at ikatlong taon.

6Dahil sa kanyang pananatiling tapat sa Diyos niyang si Yahweh, lumaki ang kapangyarihan ni Jotam.

7Ang ibang mga ginawa ni Jotam sa panahon ng kanyang paghahari, pati ang lahat niyang pakikipaglaban at ginawa sa panahon ng kapayapaan ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel at Juda*.

8Dalawampu't limang taóng gulang siya nang maging hari at labing-anim na taon siyang naghari sa Jerusalem.

9Namatay siya at inilibing sa Lunsod ni David. Ang anak niyang si Ahaz ang humalili sa kanya bilang hari.

## 2 Mga Cronica 28

### Si Haring Ahaz ng Juda

(2 Ha. 16:1-4)

1Dalawampung taóng gulang naman si Ahaz nang magsimulang maghari at naghari siya ng labing-anim na taon sa Jerusalem. Hindi siya tumulad sa mga ginawa ng kanyang ninunong si David at dahil dito'y hindi siya naging kalugud-lugod sa paningin ni Yahweh.

2Sa halip, ang sinundan niya'y ang mga halimbawa ng mga hari ng Israel. Nagpagawa siya ng mga metal na rebulto ni Baal.

3Nagsunog siya ng insenso at nag-alay ng mga handog na susunugin sa Libis ng Ben Hinom. Inihandog din niya ang kanyang mga anak na lalaki at sinunog doon tulad ng mga karumal-dumal na kaugalian ng mga bansang pinalayas ni Yahweh nang dumating ang Israel sa lupain.

4Naghandog siya at nagsunog ng insenso sa mga dambanang pagano, sa mga burol at sa bawat lilim ng mga punongkahoy.

### Digmaan Laban sa Siria at Israel

(2 Ha. 16:5-6)

5Dahil dito, ipinatalo siya ni Yahweh na kanyang Diyos sa hari ng Siria. Maraming mamamayan ng Juda ang binihag nito at dinala sa Damasco. Nilusob din siya ng hari ng Israel at halos naubos ang kanyang hukbo.

6Sa loob lamang ng isang araw ay may 120,000 kawal ng Juda ang napatay ng mga Israelita sa pamumuno ni Haring Peka na anak ni Remalias. Nangyari sa kanila iyon sapagkat itinakwil nila si Yahweh, ang Diyos ng kanilang mga ninuno.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Pati ang prinsipeng si Maasias, si Azrikam na tagapamahala ng palasyo at si Elkana na kanang kamay ng hari ay napatay ni Zicri, isang mandirigmang taga-Efraim.

8Bagama't kamag-anak ng mga taga-Israel ang mga taga-Juda, 200,000 kababaihan at mga batang babae at lalaki ng Juda ang binihag nila at dinala sa Samaria. Marami rin silang sinamsam na kayamanan.

**Si Propeta Oded**

9Si Oded, isang propeta ni Yahweh, ay nasa Samaria noon. Sinalubong niya ang bumabalik na hukbo at kanyang sinabi, “Nagtagumpay kayo laban sa Juda sapagkat galit sa kanila si Yahweh, ang Diyos ng inyong mga ninuno. Ngunit pinuksa ninyo sila dahil sa abot hanggang langit na ang galit ninyo sa kanila.

10Gusto pa ninyo ngayong alipinin ang mga lalaki at babaing taga-Juda at Jerusalem. Hindi ba ninyo alam na kayo'y nagkakasala rin sa Diyos ninyong si Yahweh?

11Makinig kayo sa akin. Mga kamag-anak ninyo ang mga bihag ninyong ito. Pauwiin na ninyo sila, kung hindi'y paparusahan kayo ni Yahweh dahil galit siya sa inyo.”

12Nang sandaling iyon, may dumating ding ilang pinuno ng Efraim: sina Azarias na anak ni Johanan, Berequias na anak ni Mesillemot, Jehizkias na anak ni Sallum at Amasa na anak naman ni Hadlai.

13Tumutol din sila sa ginawa ng Israel at nagsabi, “Huwag ninyong ipapasok sa ating bansa ang mga bihag na iyan. Lalo tayong magkakasala at ito'y pananagutan natin sa harapan ni Yahweh. Marami na tayong kasalanan at lalong magagalit ang Diyos sa Israel.”

14Kaya't iniwan ng mga kawal ang mga bihag at ang mga nasamsam sa pangangalaga ng mga pinuno at ng mga taong-bayan.

15Kumilos naman agad ang mga nabanggit na lalaki upang tulungan ang mga bihag. Ang mga bihag na wala na halos damit ay kanilang binihisan mula sa mga kasuotang nasamsam. Binigyan din nila ang mga ito ng mga sapin sa paa. Pinakain nila't pinainom ang mga bihag at ginamot ang mga sugatan. Ang mahihina nama'y isinakay nila sa mga asno at inihatid sa kanilang mga kasamahang nasa Jerico, ang lunsod ng mga palma. Pagkatapos ay bumalik na ang mga pinuno sa Samaria.

**Si Ahaz ay Humingi ng Saklolo sa Asiria**
(2 Ha. 16:7-9)

16Nang panahong iyo'y humingi ng tulong si Haring Ahaz sa hari ng Asiria.

17Ginawa niya ito sapagkat sumalakay na naman ang mga taga-Edom at natalo ang Juda. Marami na namang nabihag sa kanila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Sinalakay din ng mga Filisteo ang mga bayan sa mga paanan ng mga burol sa kanluran at ang mga bayan sa katimugan ng Juda. Nakuha rin nila ang Beth-semes, Aijalon, Gederot, Soco, Timna at Gimzo pati ang mga nayong sakop ng mga lugar na ito, at sila ang tumira doon.

19Pinarusahan ni Yahweh ang Juda dahil sa kasamaang ginawa dito ni Ahaz na hari ng Juda at dahil sa kataksilan nito sa kanya.

20Sa halip na tumulong, kinalaban at ginulo pa ni Tiglat-pileser na hari ng Asiria si Ahaz.

21Kaya't kinuha ni Haring Ahaz ang mga kayamanan sa Templo at sa palasyo ng hari, sa bahay ng mga opisyal, at ibinigay sa hari ng Asiria. Ngunit hindi rin nakatulong sa kanya ang ginawa niyang ito.

**Ang mga Kasalanan ni Ahaz**

22Lalong nagkasala laban kay Yahweh si Haring Ahaz sa panahon ng kanyang kagipitan.

23Naghandog siya sa mga diyus-diyosan sa Damasco, ang bansang tumalo sa kanya. Sinabi ni Ahaz, “Ang mga diyos ng mga hari sa Siria ang tumulong sa kanila, kaya doon ako maghahandog upang ako'y tulungan din.” Ito ang nagpabagsak sa kanya at sa bayang Israel.

24Ang lahat ng kagamitan sa Templo ay sinira ni Ahaz. Ipinasara niya ang Templo at nagpatayo ng mga altar sa lahat ng sulok ng Jerusalem.

25Gumawa siya sa bawat lunsod ng Juda ng mga burol na sunugan ng insenso para sa mga diyos ng ibang bansa. Dahil dito'y lalong nagalit sa kanya si Yahweh, ang Diyos ng kanyang mga ninuno.

26Ang lahat ng nangyari sa pamamahala ni Ahaz at ang kanyang mga ginawa mula sa pasimula hanggang wakas ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Juda at Israel.*

27Namatay siya at inilibing sa Jerusalem ngunit hindi isinama sa libingan ng mga hari ng Juda. Humalili sa kanya bilang hari ang anak niyang si Ezequias.

## 2 Mga Cronica 29

**Si Haring Ezequias ng Juda**
(2 Ha. 18:1-3)

1Si Ezequias ay dalawampu't limang taóng gulang nang maging hari at dalawampu't siyam na taon siyang naghari sa Jerusalem. Ang kanyang ina ay si Abija na anak ni Zacarias.

2Katulad ng kanyang ninunong si David, gumawa siya ng kalugud-lugod sa paningin ni Yahweh.

**Ipinalinis ang Templo**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Sa unang buwan ng unang taon ng paghahari ni Ezequias, pinabuksan niya ang mga pintuan ng Templo at ipinaayos ito.

4Tinipon niya ang mga pari at mga Levita sa bulwagan sa gawing silangan ng Templo.

5Sinabi niya: “Makinig kayo, mga Levita. Italaga ninyo ngayon ang inyong sarili at ang Templo ni Yahweh, ang Diyos ng inyong mga ninuno. Alisin ninyo ang mga karumal-dumal na bagay sa dakong banal.

6Nagkasala ang ating mga magulang. Hindi sila naging tapat kay Yahweh na ating Diyos. Kanilang tinalikuran siya at ang kanyang Templo.

7Isinara nila ang mga pintuan sa portiko. Hindi nila sinindihan ang mga ilawan at hindi na nagsunog ng insenso. Hindi na rin sila nagdala ng handog na susunugin sa dakong banal ng Diyos ng Israel.

8Kaya nagalit si Yahweh sa Juda at sa Jerusalem at ginawa niyang kahiya-hiya at kakila-kilabot ang kanilang sinapit gaya ng inyong nakikita.

9Kaya naman napatay sa digmaan ang ating mga magulang at nabihag ng mga kaaway ang ating mga anak at mga asawa.

10Napagpasyahan kong manumpa tayo kay Yahweh, ang Diyos ng Israel, upang mapawi ang galit niya sa atin.

11Mga anak, huwag na kayong mag-aksaya ng panahon. Kayo ang pinili ni Yahweh na mag-alay ng handog at magsunog ng insenso at manguna sa pagsamba sa kanya.”

12Inihanda ng mga Levita ang kanilang sarili. Sa angkan ni Kohat: si Mahat na anak ni Amasai at si Joel na anak ni Azarias. Sa angkan ni Merari: si Kish na anak ni Abdi at si Azarias na anak ni Jehalelel. Sa angkan ni Gershon: si Joah na anak ni Zimma at si Eden na anak naman ni Joah.

13Sa angkan naman ni Elizafan: si Simri na anak ni Jeiel. Sa angkan ni Asaf: sina Zacarias at Matanias.

14Sa angkan ni Heman: sina Jehiel at Simei. Sa angkan ni Jeduthun: sina Semaias at Uziel.

15Tinipon ng mga ito ang kanilang mga kapwa Levita at nilinis ang kanilang sarili ayon sa Kautusan. Gaya ng utos sa kanila ng hari, pumasok sila at nilinis ang Templo ayon sa Kautusan ni Yahweh.

16Pumasok naman sa loob ng Templo ang mga pari at inilabas ang maruruming bagay sa bulwagan ng Templo ni Yahweh. Kinuha naman ito ng mga Levita at dinala sa Libis ng Kidron.

17Sinimulan nila ang gawain ng paglilinis noong unang araw ng unang buwan at ikawalong araw nang umabot sila sa portiko. Walong araw pa nilang nilinis

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ang Templo ni Yahweh at natapos nila ito sa ikalabing-anim na araw ng buwan ding iyon.

### Muling Itinalaga ang Templo

18Pagkatapos, pumunta ang mga Levita kay Haring Ezequias at sinabi dito, “Nalinis na po namin ang Templo ni Yahweh, ang altar na pinagsusunugan ng mga handog at ang lahat ng kagamitan doon, pati ang hapag ng mga tinapay na handog at ang mga kagamitan doon.

19Ang mga kasangkapan namang inalis ni Haring Ahaz nang tumalikod siya sa Diyos ay ibinalik namin at muling inilaan para sa Diyos. Nakalagay na po ang lahat ng ito sa harap ng altar ni Yahweh.”

20Maagang bumangon si Haring Ezequias at tinipon niya ang mga pinuno ng lunsod. Magkakasama silang pumunta sa Templo ni Yahweh.

21May dala silang pitong toro, pitong lalaking tupa, pitong kordero at pitong lalaking kambing na handog pangkasalanan para sa kaharian, sa Templo at sa Juda. Iniutos ng hari sa mga paring mula sa angkan ni Aaron na ihandog ang mga ito sa altar ni Yahweh.

22Kaya't pinatay ng mga pari ang mga toro at ang dugo nito'y iwinisik nila sa altar. Gayundin ang ginawa sa mga lalaking tupa at kordero.

23Ngunit ang mga lalaking kambing na handog pangkasalanan ay dinala sa harapan ng hari at ng kapulungan. Ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa mga hayop na ito.

24Pagkatapos, pinatay ng mga pari ang mga kambing at ang dugo ng mga ito'y dinala nila sa altar at inihandog bilang pambayad sa kasalanan ng buong Israel, sapagkat iniutos ng hari na ialay para sa buong Israel ang handog na susunugin at ang handog pangkasalanan.

25Naglagay din siya ng manunugtog sa Templo ni Yahweh: mga Levitang tutugtog ng mga pompiyang, lira at alpa. Ito ang utos ni David, ni Gad na propeta ng hari at ni propeta Natan, ayon sa utos ni Yahweh na ibinigay sa pamamagitan ng kanyang mga propeta.

26Nakatayo doon ang mga Levita na may hawak na mga panugtog na ginamit ni David at ang mga pari naman ang may hawak ng mga trumpeta.

27Iniutos ni Ezequias na ialay sa altar ang handog na susunugin. Kasabay ng paghahandog, inawit ang papuri kay Yahweh sa saliw ng trumpeta at mga instrumento ni David.

28Ang buong kapulungan ay sumamba, umawit ang mga mang-aawit at hinipan ang mga trumpeta hanggang sa matapos ang pagsusunog ng mga handog.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29Pagkatapos, ang hari naman at ang kanyang mga kasama ang nagpatirapa at sumamba sa Diyos.

30Iniutos ni Haring Ezequias at ng mga pinunong kasama niya sa mga Levita na awitin para kay Yahweh ang mga awit at papuring likha ni Haring David at ng propeta niyang si Asaf. Buong galak silang umawit ng papuri, nagpatirapa at sumamba sa Diyos.

31Sinabi ni Ezequias sa mga tao, “Nalinis na ninyo ngayon ang inyong mga sarili para kay Yahweh. Lumapit na kayo at dalhin sa Templo ang inyong mga handog ng pasasalamat kay Yahweh.” Nagdala nga ang buong kapulungan ng mga handog ng pasasalamat at ang iba nama'y kusang-loob na nagdala ng mga handog na susunugin.

32Ang mga handog na susunugin para kay Yahweh ay umabot sa pitumpung toro, sandaang lalaking tupa at dalawandaang kordero.

33Ang inialay na mga handog ay umabot sa 600 toro at 3,000 tupa.

34Ngunit iilan lamang ang mga pari at hindi nila kayang gawin lahat ang pag-aalay sa mga handog na susunugin. Kaya tinulungan sila ng mga Levita. Dahil dito, nagkaroon ng pagkakataong makapaglinis ng sarili ang ibang pari. Sapagkat naging mas masigasig sa paglilinis ng sarili ang mga Levita kaysa mga pari.

35Bukod sa mga handog na susunugin, marami rin ang taba ng mga handog na pagkaing butil at inumin. Sa ganitong paraan, naibalik ang dating pagsamba sa Templo ni Yahweh.

36Tuwang-tuwa si Haring Ezequias at ang buong bayan sa ginawa ng Diyos para sa kanila sapagkat hindi nila akalaing ito'y matatapos agad.

## 2 Mga Cronica 30

### Ang Paghahanda para sa Paskwa

1Inanyayahan ni Ezequias ang buong Israel at Juda upang idaos sa Jerusalem ang Paskwa ni Yahweh, ang Diyos ng Israel. Pinadalhan din niya ng sulat ang mga taga-Efraim at Manases.

2Pinag-usapan ng hari, ng mga pinuno at ng buong kapulungan na idaos ang Paskwa sa ikalawang buwan.

3Hindi ito naidaos sa takdang panahon sapagkat maraming pari ang hindi pa nakakapaglinis ng sarili ayon sa Kautusan at kaunti lamang ang taong natipon noon sa Jerusalem.

4Nagkaisa ang hari at ang buong kapulungan sa ganoong panukala.

5Kaya't ibinalita nila sa buong Israel mula Beer-seba hanggang Dan na kailangang dumalo ang lahat sa Jerusalem upang idaos ang paskwa ni

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Yahweh, ang Diyos ng Israel. Ayon sa ulat, ito ang pagtitipong dinaluhan ng pinakamaraming tao.

6Ganito ang nakasaad sa paanyaya na ipinadala ng hari at ng mga pinuno: “Mga taga-Israel, magbalik-loob kayo kay Yahweh, ang Diyos nina Abraham, Isaac at Israel upang kalingain niyang muli ang mga nakaligtas sa inyo na di nabihag ng mga hari ng Asiria.

7Huwag ninyong tularan ang ugali ng inyong mga ninuno at mga kababayan na nagtaksil sa PANGINOONG Yahweh. Kaya matindi ang parusa sa kanila ng Diyos tulad ng inyong nakikita ngayon.

8Huwag maging matigas ang ulo ninyo katulad nila. Sa halip, maging masunurin kayo kay Yahweh. Dumulog kayo sa kanyang Templo na inilaan niya para sa kanyang sarili magpakailanman. Paglingkuran ninyo ang Diyos ninyong si Yahweh upang mapawi ang galit niya sa inyo.

9Kung manunumbalik kayo sa kanya, ang inyong mga kababayan at kamag-anak na dinalang-bihag sa ibang bansa ay kahahabagan ng mga bumihag sa kanila at pababalikin sila sa lupaing ito. Mahabagin at mapagpala ang Diyos ninyong si Yahweh at tatanggapin niya kayo kung kayo'y manunumbalik sa kanya.”

10Pinuntahan ng mga sugo ang lahat ng lunsod sa lupain ng Efraim at Manases hanggang sa Zebulun ngunit pinagtawanan lamang sila ng mga ito.

11Mayroon din namang ilan mula sa Asher, Manases at Zebulun na nagpakumbaba at pumunta sa Jerusalem.

12Ngunit niloob ng Diyos na dumalong lahat ang mga taga-Juda at magkaisa silang sumunod sa utos ng hari at ng mga pinuno nila ayon sa salita ni Yahweh.

**Ang Pagdiriwang ng Paskwa**

13Napakaraming pumunta sa Jerusalem noong ikalawang buwan upang ipagdiwang ang Pista ng Tinapay na Walang Pampaalsa.

14Inalis nila ang mga altar sa Jerusalem na pinagsunugan ng mga handog at ng insenso at itinapon ang mga ito sa Libis ng Kidron.

15Pinatay nila ang mga korderong pampaskwa noong ikalabing apat na araw ng ikalawang buwan. Napahiya ang mga pari at Levita kaya naglinis sila ng sarili at nagdala ng mga handog na susunugin sa Templo ni Yahweh.

16Muli nilang ginampanan ang dati nilang tungkulin ayon sa Kautusan ni Moises na lingkod ng Diyos. Iwinisik ng mga pari sa altar ang dugong ibinigay sa kanila ng mga Levita.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Marami sa kapulungan ang hindi pa nakakapaglinis ng kanilang sarili ayon sa Kautusan kaya nagpatay ang mga Levita ng mga korderong pampaskwa upang maging banal ang mga ito para kay Yahweh.

18Kahit marami ang hindi pa nakakapaglinis ng kanilang sarili ayon sa Kautusan, kumain na rin sila ng korderong pampaskwa. Karamihan sa mga ito ay buhat sa Efraim, Manases, Isacar at Zebulun. Gayunman, nanalangin ng ganito si Ezequias para sa kanila:

19"O Yahweh, Diyos ng aming mga ninuno, patawarin po ninyo ang lahat nang sumasamba sa inyo nang buong puso kahit hindi sila nakapaglinis ng sarili ayon sa kautusan."

20Pinakinggan ni Yahweh si Ezequias at pinatawad ang mga tao.

21Pitong araw nilang ipinagdiwang ang Pista ng Tinapay na Walang Pampaalsa. Buong lakas na umawit ng papuri araw-araw ang mga pari at ang mga Levita kay Yahweh.

22Pinuri ni Haring Ezequias ang mga Levita dahil sa maayos nilang pangangasiwa ng pagsamba kay Yahweh. Pitong araw na ipinagdiwang ng bayan ang kapistahang iyon. Nag-alay sila ng mga handog pangkapayapaan, kumain ng mga handog at nagpuri kay Yahweh, ang Diyos ng kanilang mga ninuno.

23Nagkaisa ang kapulungan na ipagpatuloy ng pitong araw pa ang pista. Kaya, pitong araw pa silang nagsaya.

24Nagkaloob si Haring Ezequias ng sanlibong toro at pitong libong tupa para sa pagtitipong iyon. Ang mga pinuno naman ay nagkaloob ng sanlibong toro at sanlibong tupa para sa mga tao. Dahil dito, maraming mga pari ang naglinis ng kanilang sarili ayon sa Kautusan.

25Masayang-masaya ang lahat, ang mga mamamayan ng Juda, ang mga pari at ang mga Levita. Gayundin ang lahat ng dumalo buhat sa Israel at ang mga dayuhang nakikipanirahan sa Israel at sa Juda.

26Noon lamang nagkaroon ng ganoong pagdiriwang sa Jerusalem mula noong panahon ni Solomon na anak ni Haring David ng Israel.

27Tumayo ang mga pari at ang mga Levita at binasbasan ang mga tao. Ang panalangin nila'y nakaabot sa tahanan ng Diyos sa langit.

## 2 Mga Cronica 31

1Pagkatapos ng pagdiriwang na ito, ang lahat ng Israelitang dumalo ay pumunta sa mga lunsod ng Juda, at pinutol nila ang mga haliging sinasamba at dinurog ang mga imahen ng diyus-diyosang si Ashera. Winasak din nila ang mga sambahan at dambana ng mga pagano. Ginawa rin nila ito sa buong

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Juda, Benjamin, Efraim at Manases. Pagkatapos ay umuwi na sila sa kanilang mga tahanan.

2Pinagpangkat-pangkat muli ni Ezequias ang mga pari at Levita at binigyan ng kanya-kanyang gawain: may para sa handog na susunugin, at may para sa handog na pagkain. Ang iba'y tutulong sa pagdaraos ng pagsamba. Ang iba'y taga-awit ng pagpupuri at pasasalamat at ang iba nama'y mangangasiwa sa mga pintuan ng Templo ni Yahweh.

3Lahat ng handog na susunugin sa umaga at sa gabi, at sa mga Araw ng Pamamahinga, Pista ng Bagong Buwan at mga takdang panahon ay kaloob ng hari, ayon sa itinakda ng Kautusan.

4Iniutos ni Ezequias sa mga taga-Jerusalem na ibigay sa mga pari at Levita ang para sa mga ito upang ang buong panahon nila ay maiukol sa kanilang tungkulin ayon sa Kautusan ni Yahweh.

5Pagkatanggap ng utos, ang mga Israelita ay nagbigay ng kanilang mga kaloob mula sa pangunahin nilang ani ng trigo, alak, langis at pulot at iba pang bunga ng kanilang bukid. Nagbigay din sila ng ikasampung bahagi ng lahat ng kanilang kinita.

6Ang mga taga-Juda at mga Israelitang naninirahan sa mga lunsod ng Juda ay nagbigay rin ng ikasampung bahagi ng kanilang mga baka, tupa at lahat ng mga inani sa kanilang lupain. Nagdala rin sila ng napakaraming mga handog na inialay nila kay Yahweh na kanilang Diyos.

7Nagsimula ang pagdating ng mga kaloob noong ikatlong buwan at nagpatuloy hanggang sa ikapito.

8Nang makita ni Ezequias at ng kanyang mga pinuno ang dami ng mga kaloob, pinuri nila si Yahweh at pinasalamatan ang buong bayan.

9Tinanong ni Ezequias ang mga pari at mga Levita tungkol sa napakaraming handog.

10Ganito ang sagot ni Azarias, ang pinakapunong pari mula sa angkan ni Zadok: “Mula nang magdala ng handog sa Templo ni Yahweh ang mga tao, saganang-sagana kami sa pagkain at marami pang natitira. Nangyari ito dahil sa pagpapala ni Yahweh.”

11Iniutos ni Ezequias na gumawa ng mga bodega sa Templo,

12upang doon ilagay ang mga kaloob at mga ikasampung bahagi. Si Conanias na isang Levita ang ginawa nilang katiwala sa lahat ng ito, at katulong niya ang kanyang kapatid na si Simei.

13Ang iba pang mga katulong nila ay sina Jehiel, Azazias, Nahat, Asael, Jerimot, Josabad, Eliel, Ismaquias, Mahat at Benaias. Pinili sila ni Haring Ezequias at ni Azarias, ang namamahala sa Templo ni Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Si Korah na anak ni Imna at isang Levita ang bantay sa pintuan sa gawing silangan, ang pinamahala sa pagtanggap at pamamahagi ng mga kusang-loob na handog. Siya ang nagbibigay sa mga pari ng bahagi ng handog ng pasasalamat na para kay Yahweh at ng bahagi ng handog para sa kasalanan na kakainin ng mga pari sa banal na lugar.

15Ang katulong naman niya sa mga lunsod ng mga pari ay sina Eden, Minyamin, Jeshua, Semaya, Amarias at Secanias. Sila ang namamahagi sa mga kapatid, matanda o bata, ayon sa kanya-kanyang pangkat.

16Bawat isa'y tumatanggap ng nauukol sa sarili—lahat ng lalaki mula sa gulang na tatlong taon pataas na may pang-araw-araw na tungkulin sa Templo.

17Ang mga pari ay pangkat-pangkat na inilagay sa kanya-kanyang tungkulin ayon sa kanilang angkan at ang mga Levita namang mula sa dalawampung taon pataas ay ayon sa kanilang tungkulin.

18Itinalang kasama ng mga pari ang kanilang pamilya sapagkat kailangang maging handa sila anumang oras sa pagtupad ng kanilang tungkulin.

19Ang mga pari na naninirahan sa mga lunsod na ibinigay sa angkan ni Aaron, o sa mga bukiring nasa lunsod ng mga ito ay nilagyan din ng mga tagapamahagi ng pagkain para sa lahat ng lalaki sa mga pamilya ng mga pari at sa lahat ng nakatala sa angkan ng mga Levita.

20Sa buong Juda, ginawa ni Haring Ezequias ang mabuti at kalugud-lugod sa paningin ng Diyos niyang si Yahweh.

21Naging matagumpay siya, sapagkat ang lahat ng ginawa niya para sa Templo at sa kanyang pagtupad sa Kautusan, ay ginawa niya nang buong puso at katapatan sa kanyang Diyos.

## 2 Mga Cronica 32

### Ang Babala ng mga Taga-Asiria Laban sa Jerusalem

(2 Ha. 18:13-37; Isa. 36:1-22)

1Matapos isagawa ni Ezequias ang lahat ng ito at ipakita ang kanyang katapatan sa Diyos, ang Juda ay sinalakay ni Senaquerib, hari ng Asiria. Pinalibutan ng kanyang mga kawal ang mga may pader na lunsod at humandang pasukin ang mga ito.

2Nang makita ni Ezequias ang balak na paglusob na ito sa Jerusalem,

3sumangguni siya sa kanyang mga pinuno. Nagkaisa silang harangin ang pag-agos ng bukal ng tubig sa labas ng lunsod.

4Tumawag sila ng maraming tao at hinarangan nga nila ang lahat ng bukal at ilog upang ang mga ito'y hindi pakinabangan ng mga taga-Asiria.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Ipinaayos ni Ezequias ang mga wasak na pader at pinalagyan niya ito ng mga toreng-bantayan. Nagpatayo siya ng isa pang muog sa labas nito at pinatatag ang Millo sa Lunsod ni David. Pagkatapos, nagpagawa siya ng maraming mga sandata at kalasag.

6Ang mga kalalakihan sa lunsod ay ipinailalim niya sa mga opisyal ng hukbo. Tinipon niya ang mga ito sa may pintuan ng lunsod at pinagbilinan ng ganito:

7“Maging matapang kayo. Lakasan ninyo ang inyong loob. Huwag kayong matakot sa mga taga-Asiria. Mas malakas ang kapangyarihang nasa panig natin kaysa nasa panig nila.

8Nasa tao ang kanyang lakas samantalang nasa panig natin ang ating Diyos na si Yahweh. Tutulungan niya tayo at ipaglalaban.” Sa sinabing ito ni Haring Ezequias, nabuhayan ng loob ang mga tao.

9Nasa Laquis noon si Haring Senaquerib ng Asiria kasama ang kanyang hukbo at pinapaligiran nila ang lunsod na iyon. Nagpadala siya ng mga sugo kay Ezequias at sa mga taga-Jerusalem.

10Ganito ang sabi niya: “Napapalibutan na namin kayo diyan sa Jerusalem. Ano sa palagay ninyo ang makakapagligtas sa inyo?

11Sumuko na kayo para hindi kayo mamatay sa gutom at uhaw. Nalilinlang lamang kayo ni Ezequias! Paano kayo maililigtas ng Diyos ninyong si Yahweh sa kamay ng hari ng Asiria?

12Hindi ba't si Ezequias ang nagpagiba ng mga altar at sagradong burol at nag-utos sa inyo na sa isang altar lamang kayo sasamba at maghahandog?

13Alam ninyo ang ginawa ko at ng aking mga ninuno sa mga mamamayan ng ibang lupain. Nailigtas ba sila ng kanilang mga diyos?

14Wala ni isa sa dinidiyos ng mga bansang winasak ng aking mga ninuno ang nakapagligtas sa kanila! Hindi rin kayo maililigtas ng inyong Diyos!

15Huwag kayong magpaloko diyan kay Ezequias. Huwag kayong maniwala sa kanya. Walang diyos ng alinmang bansa o kaharian ang nakapagligtas sa kanilang bayan sa kamay ko at sa aking mga ninuno. Hindi rin kayo maililigtas ng inyong Diyos!”

16Ang mga sugo ni Senaquerib ay marami pang sinabi laban sa Panginoong Yahweh at kay Ezequias na kanyang lingkod.

17May sulat pa ang hari na lumalait kay Yahweh, ang Diyos ng Israel. Ganito ang sinasabi: “Hindi maipagtatanggol ng Diyos ni Ezequias ang kanyang bayan laban sa akin, tulad ng mga diyos ng mga bansang walang nagawa sa akin.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Ipinagsigawan nila ito sa wikang Hebreo upang matakot at panghinaan ng loob ang mga taga-Jerusalem na nasa may pader ng lunsod. Sa ganitong paraan ay magiging madali ang pagsakop nila sa lunsod.

19Sinasabi nila na ang Diyos ng Jerusalem ay tulad lamang ng mga diyus-diyosan ng ibang bansa na gawa lamang ng kamay ng tao.

20Dahil dito, nanalangin at humingi ng saklolo sa Diyos sina Haring Ezequias at si propeta Isaias na anak ni Amoz.

21Nagsugo si Yahweh ng isang anghel at pinatay nito ang mga pinuno at mga kawal ng Asiria. Kaya ang hari ng Asiria ay umuwing hiyang-hiya. Nang pumasok siya sa templo ng kanyang diyos, pinatay siya sa saksak ng sarili niyang mga anak.

22Sa ganoong paraan iniligtas ni Yahweh sina Ezequias at ang mga taga-Jerusalem sa kamay ni Haring Senaquerib ng Asiria at ng lahat ng mga kaaway. Binigyan ni Yahweh ng kapayapaan ang buong bansa.

23Maraming nagpuntahan sa Jerusalem. Naghandog sila kay Yahweh at nagkaloob ng mahahalagang bagay kay Haring Ezequias. Mula noo'y pinarangalan siya ng lahat ng bansa.

### Ang Pagkakasakit ni Ezequias at ang Kanyang Kapalaluan

(2 Ha. 20:1-11; Isa. 38:1-8)

24Di nagtagal ay nagkasakit nang malubha si Ezequias. Nanalangin siya kay Yahweh at binigyan siya nito ng isang palatandaan na siya'y gagaling.

25Ngunit hindi niya kinilalang utang na loob ang ginawa ni Yahweh para sa kanya. Sa halip ay naging palalo siya kaya naman pinarusahan siya ng Diyos, pati ang Juda at Jerusalem.

26Ngunit sa bandang huli ay nagpakumbaba siya at ang mga taga-Jerusalem. Dahil dito, hindi pinarusahan ni Yahweh ang sambayanan habang nabubuhay pa si Ezequias.

### Ang Kayamanan at ang Kadakilaan ni Ezequias

(2 Ha. 20:12-19; Isa. 39:1-8)

27Napakarami ng kayamanang naipon ni Ezequias. Kaya nagpagawa siya ng sariling imbakan ng pilak, ginto, mahahalagang bato, pabango, mga kalasag at mahahalagang kasangkapan.

28Nagpagawa rin siya ng mga bodega ng trigo, alak at langis at mga kulungan ng baka at tupa.

29Dumami ang kawan ng kanyang mga hayop. Pinayaman siya ng Diyos.

30Hinarangan niya ang batis ng Gihon sa gawing itaas ng lunsod at pinalihis sa gawing kanluran patungo sa Lunsod ni David. Masasabing si Ezequias ay nagtagumpay sa lahat ng kanyang ginawa,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

31maging sa pakikitungo sa mga sugo ng hari ng Babilonia na dumating sa kanya upang magsiyasat sa mga pambihirang pangyayari sa lupain. Hinayaan siya ng Diyos na gawin ang gusto niya upang subukin ang kanyang pagkatao.

**Ang Buod ng Kasaysayan ni Ezequias**

(2 Ha. 20:20-21)

32Ang iba pang mga pangyayari sa paghahari ni Ezequias at ang kanyang mabubuting ginawa ay nakasulat sa *Ang Pangitain ni Propeta Isaias na Anak ni Amoz* at sa*Kasaysayan ng mga Hari ng Juda at Israel.*

33Namatay si Ezequias at inilibing sa pinakamataas na libingan ng mga anak ni David. Sa pagkamatay niya'y pinarangalan siya ng buong Juda at Jerusalem. Ang anak niyang si Manases ang humalili sa kanya bilang hari.

## 2 Mga Cronica 33

**Si Haring Manases ng Juda**

(2 Ha. 21:1-9)

1Si Manases ay labindalawang taóng gulang nang maging hari ng Juda. Limampu't limang taon siyang naghari sa Jerusalem.

2Hindi kinalugdan ni Yahweh ang ginawa niya sapagkat tinularan niya ang kasamaan ng mga bansang pinalayas ni Yahweh sa lupaing iyon nang sakupin iyon ng bayang Israel.

3Muli niyang itinayo ang mga sambahan ng mga pagano na winasak ng kanyang amang si Ezequias. Nagtayo rin siya ng mga dambana para kay Baal, gumawa ng mga imahen ng diyosang si Ashera at sumamba sa mga bituin.

4Nagtayo siya ng mga altar ng mga pagano sa Templo, sa lugar na sinabi ni Yahweh kung saan siya'y sasambahin magpakailanman.

5Pati ang dalawang bulwagan ng Templo ay nilagyan niya ng mga altar para sa mga bituin.

6Ang mga anak niyang lalaki ay sinunog niya sa Libis ng Ben Hinom bilang handog sa mga diyus-diyosan. Naging mahilig siya sa mga panghuhula, pangkukulam at salamangka. Nagpupunta rin siya sa mga sumasangguni sa espiritu ng namatay na at sa mga manghuhula. Dahil sa mga kasamaang ito, nagalit sa kanya si Yahweh.

7Pati ang inukit niyang larawan ng isang diyus-diyosan ay dinala niya sa Templo. Tungkol sa templong iyon ay sinabi ng Diyos kay David at sa anak nitong si Solomon: “Ang Templong ito sa Jerusalem ay pinili ko sa mga lipi ng Israel upang dito ako sambahin magpakailanman.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Kung susundin nilang mabuti ang mga utos at tuntuning ibinigay ko sa kanila
sa pamamagitan ni Moises, hindi ko na sila aalisin sa lupaing ibinigay ko sa
kanilang mga ninuno."

9Ngunit iniligaw ni Manases ang mga taga-Juda at Jerusalem. Inakay niya
ang mga ito sa mga kasamaang masahol pa sa kasamaan ng mga bansang
nilipol ni Yahweh nang sakupin iyon ng bayang Israel.

**Ang Pagsisisi ni Manases**

10Binigyang-babala ni Yahweh si Manases at ang buong bayan, ngunit ayaw
nilang makinig.

11Kaya ipinasalakay sila ni Yahweh sa hukbo ng hari ng Asiria. Nahuli nila si
Manases, ikinadena at dinalang-bihag sa Babilonia.

12Sa oras ng kagipitan ay nagpakumbaba siya, nanalangin sa Diyos niyang
si Yahweh, at humingi rito ng saklolo.

13Pinakinggan ng Diyos ang kanyang panalangin kaya't pinabalik siya sa
Jerusalem at muling naghari doon. Noon kinilala ni Manases na si Yahweh
ay Diyos.

14Pagkatapos nito, nagpatayo siya ng karagdagang pader sa labas ng
Lunsod ni David sa gawing kanluran ng Batis ng Gihon patungo sa libis
hanggang sa may Pintuan ng Isda. Pinaligiran din niya ng mataas na pader
ang Ofel. Naglagay din siya ng mga pinunong-kawal sa mga may pader na
lunsod ng Juda.

15Inalis niya sa Templo ang mga diyus-diyosan ng mga bansa at ang imahen
ni Ashera. Ipinaalis din niya ang mga altar na ipinagawa niya sa bundok na
kinatatayuan ng Templo sa Jerusalem at ipinatapon sa labas ng lunsod.

16Ipinatayo niyang muli ang altar ni Yahweh at naghandog siya ng handog na
pagkaing butil at pasasalamat. Iniutos niya sa mga mamamayan ng Juda na
maglingkod kay Yahweh, ang Diyos ng Israel.

17Nagpatuloy ang mga tao sa kanilang paghahandog sa mga dambana sa
burol ngunit iyo'y ginagawa nila para kay Yahweh na kanilang Diyos.

**Ang Buod ng Kasaysayan ni Manases**

(2 Ha. 21:17-18)

18Ang iba pang ginawa ni Manases, ang panalangin niya sa kanyang Diyos
at ang mga pahayag ng mga propetang nagsalita sa kanya sa pangalan ni
Yahweh, ang Diyos ng Israel, ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng
Israel.*

19Ang kanyang panalangin at ang kasagutan ng Diyos dito, gayundin ang
mga kasalanang ginawa niya ay nakasulat naman sa *Kasaysayan ng mga
Propeta.* Naroon din ang tungkol sa mga ipinatayo niyang mga sambahan ng

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

mga pagano, ang mga ipinagawa niyang larawan ni Ashera at ang mga ginawa niyang diyus-diyosan bago siya nagbalik-loob sa Diyos.

[20]Namatay si Manases at inilibing sa kanyang palasyo. Humalili sa kanya bilang hari ang kanyang anak na si Ammon.

**Si Haring Ammon ng Juda**
(2 Ha. 21:19-26)

[21]Si Ammon ay dalawampu't dalawang taóng gulang nang maging hari at dalawang taon siyang naghari sa Jerusalem.

[22]Tulad ng kanyang amang si Manases, ginawa rin niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh. Sumamba siya at naglingkod sa mga diyus-diyosang ginawa ng kanyang ama.

[23]Ngunit hindi tulad ng kanyang ama, hindi siya nagpakumbaba kay Yahweh. Mas malaki ang kanyang naging kasalanan kaysa sa kanyang ama.

[24]Nagsabwatan ang kanyang mga tauhan at pinatay siya ng mga ito sa loob ng palasyo.

[25]Nagalit naman ang mga taong-bayan at ang mga tauhang iyo'y pinatay din nila. Pagkatapos, ginawa nilang hari si Josias na anak ni Ammon.

## 2 Mga Cronica 34

**Si Haring Josias ng Juda**
(2 Ha. 22:1-2)

[1]Si Josias ay walong taóng gulang nang maging hari ng Juda. Tatlumpu't isang taon siyang naghari sa Jerusalem.

[2]Tulad ng ninuno niyang si David, naging kalugud-lugod kay Yahweh ang mga ginawa niya. Namuhay siya nang matuwid.

[3]Nang ikawalong taon ng kanyang pamamahala, kahit bata pa, ay naglingkod na siya nang tapat sa Diyos ni David na kanyang ninuno. Kaya noong ikalabindalawang taon, sinimulan niyang alisin sa Juda at Jerusalem ang mga sambahan ng mga pagano, ang mga larawan ng diyosang si Ashera at ang lahat ng diyus-diyosang kahoy o tanso.

[4]Ipinasibak niya sa kanyang harapan ang larawan ng mga Baal. Giniba niya ang mga altar ng insenso. Winasak niya ang mga imahen ni Ashera at ang mga diyus-diyosang kahoy at ginto. Ipinadurog niya ito nang pinung-pino at ipinasabog sa libingan ng mga sumamba sa kanila.

[5]Ipinasunog niya ang mga kalansay ng mga paring pagano sa ibabaw ng kanilang mga dambana. Sa ganoong paraan, nilinis ni Josias ang Jerusalem at ang buong Juda.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Ganoon din ang ginawa niya sa mga lunsod ng Manases, Efraim at Simeon at sa mga nawasak na nayon sa paligid ng Neftali.

7Matapos niyang gawin ang lahat ng ito sa buong Israel, bumalik na siya sa Jerusalem.

**Natagpuan ang Aklat ng Kautusan**

(2 Ha. 22:3-20)

8Inalis ni Josias ang lahat ng karumal-dumal sa buong lupain at sa Templo ng Diyos. Kaya't noong ikalabing walong taon ng kanyang paghahari, sinugo niya si Safan na anak ni Azalias, ang pinuno ng lunsod na si Maasias at ang kalihim niyang si Joas na anak ni Joahaz, upang ipaayos muli ang Templo ni Yahweh.

9Ibinigay nila kay Hilkias na pinakapunong pari ang pilak na nalikom sa Templo. Ito ang mga nalikom mula sa mga taga-Manases, Efraim, Benjamin, Juda at iba pang mga Israelita at mga taga-Jerusalem. Tinipon ito ng mga Levitang naglilingkod sa Templo.

10Ibinigay nila ang salaping ito sa namamahala ng gawain sa Templo ni Yahweh para sa pagpapaayos nito.

11Ang iba nama'y ibinili ng mga bato at kahoy na gagamitin sa pag-aayos ng bubong ng Templo na nasira dahil sa kapabayaan ng mga naunang hari ng Juda.

12Naging tapat ang mga taong katulong sa gawain. Pinamahalaan sila nina Jahat at Obadias, mga Levita buhat sa angkan nina Merari, Zacarias at Mesulam sa sambahayan ni Kohat. Mga Levita rin na pawang bihasang manunugtog

13ang nangasiwa sa mga manggagawang naghahakot ng mga gagamitin at sa iba pang gawain. Ang ibang Levita ay ginawang kalihim, karaniwang kawani o kaya'y mga bantay.

14Nang ilabas nila ang salaping natipon sa Templo, natagpuan ng paring si Hilkias ang Aklat ng Kautusang ibinigay ni Yahweh sa pamamagitan ni Moises.

15Kaya tinawag niya si Safan, ang kalihim ng hari at sinabi, “Natagpuan ko sa Templo ang Aklat ng Kautusan.” Ibinigay ni Hilkias kay Safan ang aklat

16at dinala naman nito sa hari nang siya'y mag-ulat tungkol sa pagpapaayos ng Templo. Sabi niya, “Maayos po ang takbo ng lahat ng gawaing ipinagkatiwala ninyo sa inyong mga lingkod.

17Tinunaw na po nila ang pilak na nakuha sa Templo at ibinigay sa namamahala ng trabaho.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Sinabi rin ng kalihim ang tungkol sa aklat na ibinigay sa kanya ng paring si
Hilkias at binasa niya ito nang malakas sa hari.

19Nang marinig ng hari ang nilalaman ng aklat, pinunit nito ang kanyang
kasuotan.

20Iniutos niya agad kay Hilkias, kay Ahikam na anak ni Safan, kay Abdon na
anak ni Mica, kay Safan, na kalihim, at kay Asaias, ang lingkod ng hari, na
sumangguni kay Yahweh. Ang sabi niya,

21“Sumangguni kayo kay Yahweh para sa akin at para sa nalalabing
sambayanan ng Juda at Israel. Alamin ninyo ang mga itinuturo ng aklat na
ito. Galit si Yahweh sa atin dahil sinuway ng ating mga ninuno ang salita ni
Yahweh at hindi nila sinunod ang mga utos na nakasulat sa aklat na ito.”

22Ang lahat ng inutusan, sa pangunguna ni Hilkias ay sama-samang
sumangguni kay Hulda na isang babaing propeta at asawa ni Sallum. Si
Sallum ay anak ni Tokat at apo naman ni Hasra na tagapag-ingat ng mga
kasuotan. Siya'y pinuntahan nila sa kanyang tirahan sa bagong bahagi ng
Jerusalem at sinabi rito ang nangyari.

23Sinabi ni Hulda: “Ito ang sinasabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel: ‘Sabihin
ninyo sa nagsugo sa inyo

24na padadalhan ko ng malaking sakuna ang lugar na ito at padaranasin ng
matinding hirap. Mangyayari ang lahat ng sumpang sinasabi sa aklat na
binasa sa harapan ng hari ng Juda.

25Matutupad iyon sapagkat ako'y kanilang itinakwil at sa ibang mga diyos sila
naghandog at sumamba. Ginalit nila ako dahil sa mga diyus-diyosang ginawa
nila. Kaya't hindi mapapawi ang galit na ibubuhos ko sa bayang ito.’

26Ito ang sabihin ninyo sa hari ng Juda. Sinasabi ni Yahweh, ang Diyos ng
Israel: ‘Nakita kong buong puso kang nagsisi at nagpakumbaba nang marinig
mo ang kanyang salita laban sa lugar na ito at sa mamamayan dito.

27Dahil nagpakumbaba ka, sinira mo ang iyong kasuotan at nakita kong
tumangis ka nang marinig mo ang nakahanda kong parusa sa Jerusalem at
sa mga naninirahan dito, pinakinggan ko ang iyong panalangin.

28Kaya, hindi mo na maaabutan ang parusang igagawad ko sa lugar na ito.
Isasama kita sa iyong mga ninuno at mamamatay kang mapayapa.’” Ito ang
kasagutang dinala nila sa hari.

**Ang Pangako ni Josias at ng mga Mamamayan kay Yahweh**

29Dahil dito'y ipinatawag ng hari ang mga matatandang pinuno ng
sambayanan sa Juda at Jerusalem.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[30]Kaya't sama-sama silang pumunta sa Templo kasama ang mga pari, Levita at lahat ng mamamayan sa Juda at Jerusalem. Tumayo ang hari sa harap ng madla at binasa ang buong Aklat ng Tipan na natagpuan sa Templo.

[31]Nakatayo noon ang hari malapit sa isang haligi ng Templo. Nanumpa siya kay Yahweh na susundin nila nang buong puso at kaluluwa ang Kautusan at ang mga itinatakda ng kasunduang nakasulat sa aklat na iyon.

[32]Pagkatapos, pinanumpa rin niya ang lahat ng taga-Jerusalem pati ang taga-Benjamin na sumunod sa kasunduang ginawa ng Diyos ng kanilang mga ninuno.

[33]Inalis ni Josias sa buong nasasakupan ng bayang Israel ang lahat ng mga diyus-diyosang kasuklam-suklam sa Diyos at habang siya'y nabubuhay, inatasan niya ang bawat mamamayan na maglingkod kay Yahweh, ang Diyos na sinamba ng kanilang mga ninuno.

## 2 Mga Cronica 35

### Ang Pagdiriwang ng Paskwa sa Panahon ni Haring Josias

(2 Ha. 23:21-23)

[1]Iniutos ni Josias na ang Paskwa ni Yahweh ay ipagdiwang sa Jerusalem noong ikalabing apat na araw ng unang buwan. Kaya't pinatay nila ang mga korderong pampaskwa.

[2]Ibinalik niya ang mga pari sa kani-kanilang tungkulin at pinagbilinang pagbutihin ang paglilingkod sa loob ng Templo ni Yahweh.

[3]Sinabi naman niya sa mga Levita, na mga tagapagturo sa mga Israelita at matatapat kay Yahweh: “Dalhin ninyo ang Kaban ng Tipan sa Templong ipinagawa ni Solomon na anak ni David. Hindi na ninyo ito papasanin ngayon. Panahon na upang paglingkuran ninyo ang Diyos ninyong si Yahweh at ang bayang Israel.

[4]Ayusin ninyo ang inyong mga pangkat na manunungkulan ayon sa kani-kanilang sambahayan batay sa mga tagubilin ni Haring David at ng anak niyang si Solomon.

[5]Pagbukud-bukurin ninyo sa bulwagan ng Templo ang inyong mga kababayang hindi Levita ayon din sa sambahayan. Bawat pangkat ay pasasamahan ninyo ng isang pangkat ng mga Levita.

[6]Patayin ninyo ang korderong pampaskwa, linisin ninyo ang inyong mga sarili ayon sa Kautusan at ihanda ang mga handog upang magampanan ng inyong mga kababayan ang ayon sa mga bilin ni Yahweh sa pamamagitan ni Moises.”

[7]Nagbigay si Josias ng 30,000 kordero at mga batang kambing bilang handog na susunugin bukod pa sa 3,000 torong panghandog para pagsalu-saluhan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8 Ang mga pinuno sa ilalim niya ay buong puso ring nagkaloob ng handog para sa bayan, sa mga pari at sa mga Levita. Ang mga punong-katiwala naman sa Templo na sina Hilkias, Zacarias at Jehiel ay nagbigay ng dalawang libo at animnaraang tupa para sa mga pari at tatlong daang toro bilang handog pampaskwa.

9 Ang mga pinuno naman ng mga Levita na sina Conanias, Semaya, Nathanael, Hosabias, Jehiel at Jozabad ay nagbigay ng limanlibong kordero at batang kambing para sa mga Levita at limandaang toro bilang handog na pampaskwa.

10 Matapos ihanda ang lahat, tumayo na sa kanya-kanyang puwesto ang mga pari. Ang mga Levita nama'y kasama ng kani-kanilang pangkat ayon sa utos ng hari.

11 Pinatay nila ang mga korderong pampaskwa at ang dugo nito ay ibinuhos ng mga pari sa ibabaw ng altar samantalang binabalatan naman ng mga Levita ang mga hayop.

12 Pagkatapos, kinuha nila ang taba nito at ipinamahagi sa mga tao ayon sa kani-kanilang sambahayan upang ihandog kay Yahweh ayon sa nakasulat sa Aklat ni Moises. Ganoon din ang ginawa nila sa mga toro.

13 Nilitson nila ang korderong pampaskwa ayon sa tuntunin. Ang iba namang karneng handog ay inilaga sa mga palayok, kaldero at kawa at ipinamigay sa mga tao.

14 Pagkatapos nito, naghanda ang mga Levita ng pagkain para sa kanila at sa mga paring mula sa angkan ni Aaron. Sila rin ang naghanda ng pagkain ng mga pari sapagkat hanggang sa gabi ang mga ito'y abalang-abala sa pag-aalay ng mga handog na susunugin at ng mga taba.

15 Nanatili sa kanilang mga puwesto ang mga mang-aawit, ang mga anak ni Asaf ayon sa tuntuning itinakda ni Haring David at ng mga lingkod niyang sina Asaf, Heman at Jeduthun na propeta ng hari. Hindi na rin kailangang umalis ang mga bantay sa pinto sapagkat lahat sila'y dinadalhan ng pagkain ng mga Levita.

16 Ang lahat ay ginawa ayon sa tagubilin ni Haring Josias: ang pagpupuri kay Yahweh, ang pagdiriwang ng Paskwa at ang paghahandog.

17 Pitong araw na ipinagdiwang ng mga Israelita ang Paskwa at ang Pista ng Tinapay na Walang Pampaalsa.

18 Mula pa noong panahon ni propeta Samuel, wala pang ganitong pagdiriwang ng Paskwa na naganap sa Israel. Wala ring ibang hari sa Israel na nakagawa ng ginawang ito ni Haring Josias. Siya lamang ang nakapagtipon ng lahat ng pari, Levita at ng mga taga-Juda at taga-Israel kasama ang mga taga-Jerusalem upang ipagdiwang ang Paskwa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Naganap ito noong ikalabing walong taon ng kanyang paghahari.

**Ang Buod ng Kasaysayan ni Haring Josias**
(2 Ha. 23:28-30)

20Nang maisaayos na ni Josias ang lahat ng nauukol sa Templo, sinalakay ni Haring Neco ng Egipto ang Carquemis sa may Ilog Eufrates. Hindi ito nagustuhan ni Josias kaya't hinarap niya ito.

21Dahil dito, nagpadala ng sugo si Neco at sinabi, “Wala tayong dapat pag-awayan, mahal na hari ng Juda. Hindi ikaw ang pinuntahan ko rito kundi ang aking mga kaaway. Sinabi sa akin ng Diyos na tapusin ko agad ito. Kakampi ko ang Diyos kaya't huwag mo na akong hadlangan kung ayaw mong puksain ka niya.”

22Ngunit hindi nagbago ng isip si Josias. Ipinasiya niyang lumaban. Hindi siya naniwala sa sinabi ng Diyos sa pamamagitan ni Neco. Nagbalatkayo siya at pumunta sa labanan sa kapatagan ng Megido.

23Sa kainitan ng labanan ay tinamaan si Haring Josias ng palaso at malubhang nasugatan. Kaya't iniutos niya sa kanyang mga tauhan na ilayo na siya roon.

24Inilipat siya ng mga ito sa ikalawang karwahe at dinala sa Jerusalem. Subalit namatay din siya at inilibing sa libingan ng kanyang mga ninuno. Nagluksa ang buong Juda at Jerusalem dahil sa kanyang pagkamatay.

25Nagluksa rin si Jeremias at lumikha pa siya ng isang awit ng pagluluksa sa pagkamatay ni Josias. Inaawit pa ito hanggang ngayon ng mga mang-aawit bilang pag-alala sa kanya. Naging kaugalian na ito sa Israel at ang awiting ito'y matatagpuan sa Aklat ng mga Pagluluksa.

26Ang iba pang mga ginawa ni Josias at ang kanyang paglilingkod sa Diyos, pagsunod sa Kautusan ni Yahweh,

27buhat sa simula hanggang wakas, ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel at Juda.*

## 2 Mga Cronica 36

**Si Haring Jehoahaz ng Juda**
(2 Ha. 23:30-35)

1Nagkaisa ang bayan na si Jehoahaz, anak ni Josias, ang ipalit na hari sa Jerusalem.

2Dalawampu't tatlong taóng gulang siya nang maging hari at tatlong buwan siyang naghari sa Jerusalem.

3Binihag siya ni Haring Neco ng Egipto at pinagbuwis niya ng 3,500 kilong pilak at 35 kilong ginto ang Juda.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Ang ipinalit kay Jehoahaz bilang hari ng Juda ay ang kapatid nitong si Eliakim. Pinalitan ang kanyang pangalan na Jehoiakim. Si Jehoahaz naman ay dinala sa Egipto.

### Si Haring Jehoiakim ng Juda
(2 Ha. 23:36–24:7)

5Dalawampu't limang taóng gulang si Jehoiakim nang maging hari at labing-isang taon siyang naghari sa Jerusalem. Ginawa niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh.

6Dumating si Nebucadnezar, binihag siya at nakakadenang dinala sa Babilonia.

7Kinuha ni Nebucadnezar ang mga kagamitan sa Templo ni Yahweh at inilipat sa kanyang palasyo sa Babilonia.

8Ang iba pang mga pangyayari sa panahon ni Jehoiakim, pati ang mga kasamaang ginawa niya at ang iba pang kasalanan niya ay nakasulat sa *Kasaysayan ng mga Hari ng Israel at Juda*. Pumalit sa kanya bilang hari ang anak niyang si Jehoiakin.

### Si Haring Jehoiakin ng Juda
(2 Ha. 24:8-17)

9Walong taóng gulang si Jehoiakin nang maging hari at tatlong buwan at sampung araw lamang siyang naghari sa Jerusalem. Ginawa rin niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh.

10Sa pagtatapos ng taon, ipinakuha siya ni Haring Nebucadnezar pati ang mahahalagang kagamitan sa Templo at dinala sa Babilonia. Ang ipinalit sa kanya bilang hari ay si Zedekias na kanyang tiyuhin.

### Si Haring Zedekias ng Juda
(2 Ha. 24:18-20; Jer. 52:1-3)

11Dalawampu't isang taóng gulang si Zedekias nang maging hari ng Juda at labing-isang taon siyang naghari sa Jerusalem.

12Ginawa rin niya ang mga bagay na hindi kalugud-lugod kay Yahweh. Hindi siya nagpakumbaba at hindi rin sumunod sa ipinangaral ni propeta Jeremias, na nagpahayag ng mensahe ni Yahweh.

### Ang Pagbagsak ng Jerusalem
(2 Ha. 25:1-21; Jer. 52:3b-11)

13Naghimagsik si Zedekias laban kay Haring Nebucadnezar na pinangakuan niya sa pangalan ng Diyos na kanyang susundin. Nagmatigas siya at ayaw magsisi at manumbalik kay Yahweh, ang Diyos ng Israel.

14Sumamâ nang sumamâ ang mga pinuno ng Juda, ang mga pari at ang mga mamamayan. Tinularan nila ang kasuklam-suklam na gawain ng ibang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

bansa. Pati ang Templo sa Jerusalem na inilaan ni Yahweh para sa kanyang sarili ay kanilang nilapastangan.

15 Gayunman, dahil sa habag ni Yahweh sa kanila at sa pagmamalasakit niya sa kanyang Templo, nagpatuloy siya sa pagpapadala ng mga sugo upang bigyan sila ng babala.

16 Ngunit hinahamak lamang nila ang mga ito, pinagtatawanan ang mga propeta at binabaliwala ang mga babala ng Diyos. Dahil dito'y umabot sa sukdulan ang galit ni Yahweh sa kanyang bayan at hindi na sila makaiwas sa kanyang pagpaparusa.

17 Dahil dito, ginamit niya ang hari ng Babilonia upang patayin sa tabak maging sa loob ng Templo ang kanilang mga kabataan. Wala itong iginalang, binata man o dalaga, kahit ang matatanda. Ipinaubaya sila ng Diyos sa kapangyarihan ng hari.

18 Lahat ng kagamitan, malalaki at maliliit sa loob ng Templo ni Yahweh, pati ang kayamanang naroon, gayundin ang sa hari at mga opisyal nito ay dinala sa Babilonia.

19 Sinunog nila ang Templo, winasak ang pader ng Jerusalem at ang malalaking gusali. Ang mahahalagang ari-arian doon ay sinunog din, at ang lahat ay iniwan nilang wasak.

20 Ang mga hindi napatay ay dinala nilang bihag sa Babilonia. Inalipin sila roon ng hari at ng kanyang mga anak hanggang ang Babilonia ay masakop ng Persia.

21 Ito ang katuparan ng pahayag ni Jeremias na ang lupain ay mananatiling tiwangwang sa loob ng pitumpung taon upang makapagpahinga.

### Pinabalik ni Ciro ang mga Judio
(Ez. 1:1-4)

22 Upang matupad ang sinabi niyang ito sa pamamagitan ni Jeremias, inudyukan ni Yahweh si Ciro, hari ng Persia noong unang taon ng kanyang paghahari. Nagpalabas ang haring ito ng isang pahayag sa buong kaharian na ganito ang isinasaad:

23 “Ito ang pahayag ni Haring Ciro ng Persia: ‘Ipinaubaya sa akin ni Yahweh, ang Diyos ng kalangitan, ang lahat ng kaharian sa daigdig at inutusan niya akong magtayo para sa kanya ng Templo sa Jerusalem ng Juda. Kaya, ang sinuman sa inyo na kabilang sa kanyang bayan ay pinahihintulutan kong pumunta sa Jerusalem. Samahan nawa kayo ng Diyos ninyong si Yahweh.’”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Ezra

## Ezra 1

### Pinabalik ni Ciro ang mga Judio

[1]Noong unang taon ng paghahari ni Ciro sa Persia, natupad ang sinabi ni Yahweh sa pamamagitan ni Propeta Jeremias nang udyukan ni Yahweh si Ciro na isulat at ipahayag sa buong kaharian ang utos na ito:

[2]“Ito ang utos ni Emperador Ciro, ng Persia: Ibinigay sa akin ni Yahweh, ang Diyos ng kalangitan, ang lahat ng kaharian sa buong daigdig at inatasan niya ako na ipagtayo ko siya ng templo sa Jerusalem na nasa Juda.

[3]Kayo na kanyang bayan, patnubayan nawa kayo ng inyong Diyos sa pagbabalik ninyo sa Jerusalem upang muling maitayo roon ang Templo ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, ang Diyos na sinasamba sa Jerusalem.

[4]Sinuman sa inyo na nangingibang-bayan, kung nais bumalik doon, dapat siyang tulungan ng kanyang mga kababayan. Dapat siyang bigyan ng pilak at ginto, mga bagay na kakailanganin, at mga hayop, gayundin ng mga kusang-kaloob na handog para sa Templo ni Yahweh sa Jerusalem.”

[5]Bilang tugon, agad na nagsipaghanda ang mga pinuno ng mga lipi ng Juda at Benjamin, gayundin ang mga pari at ang mga Levita, at ang mga iba pang inudyukan ng espiritu ng Diyos upang muling itayo ang Templo ni Yahweh sa Jerusalem.

[6]Tinulungan sila ng lahat ng mga nakapalibot sa kanila. Binigyan sila ng mga pilak at gintong lalagyan, mga bagay na kakailanganin, mga hayop, iba pang mamahaling gamit, bukod pa sa mga kusang-kaloob na handog para sa Templo.

[7]Ibinalik naman sa kanila ni Haring Ciro ang mga mangkok at tasa na dinala ni Haring Nebucadnezar sa templo ng kanyang mga diyos pagkatapos na kunin ang mga iyon mula sa Templo ni Yahweh.

[8]Ipinagkatiwala ni Haring Ciro kay Mitredat na ingat-yaman ng kaharian ang pagbilang sa mga bagay na ibinalik. Ang mga ito'y binilang ni Metridat sa harap ni Sesbazar na tagapamahala ng Juda.

[9-10]Ito ang bilang ng mga kagamitan:

| | |
|---|---|
| palangganang ginto | 30 |
| palangganang pilak | 1,000 |

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

| | |
|---|---|
| lalagyan ng insenso | 29 |
| mangkok na ginto | 30 |
| iba't ibang sisidlang pilak | 410 |
| iba't iba pang kagamitan | 1,000 |

[11]Lahat-lahat, umabot sa 5,400 ang bilang ng mga lalagyang ginto at pilak na dinala ni Sesbazar nang bumalik siya sa Jerusalem mula sa Babilonia kasama ng iba pang mga dinalang-bihag doon.

## Ezra 2

### Ang Listahan ng mga Bumalik na Bihag

(Neh. 7:4-73)

[1]Ito ang listahan ng mga dinalang-bihag sa lalawigan ng Babilonia na bumalik sa Jerusalem at sa kani-kanilang bayan sa Juda. Nanirahan ang kanilang mga pamilya sa Babilonia simula pa nang ang mga ito ay dalhing-bihag doon ni Haring Nebucadnezar.

[2]Sa kanilang pagbabalik pinangunahan sila nina Zerubabel, Josue, Nehemias, Seraias, Reelaias, Mordecai, Bilsan, Mispar, Bigvai, Rehum, at Baana. Ito ang bilang ng mga angkan ng Israel na bumalik mula sa pagkabihag:

[3-20]Ito ang listahan ng mga angkan ng Israelitang nakauwi:

| | |
|---|---|
| Paros | 2,172 |
| Sefatias | 372 |
| Arah | 775 |
| Pahat-moab (sa mga anak nitong sina Jeshua at Joab) | 2,812 |
| Elam | 1,254 |
| Zatu | 945 |

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

| | |
|---|---|
| Zacai | 760 |
| Bani | 642 |
| Bebai | 623 |
| Azgad | 1,222 |
| Adonikam | 666 |
| Bigvai | 2,056 |
| Adin | 454 |
| Ater (tinatawag ding Ezequias) | 98 |
| Bezai | 323 |
| Jora | 112 |
| Hasum | 223 |
| Gibar | 95 |

21-35 Ito naman ang listahan ng mga angkang nakabalik na nakatira sa mga sumusunod na bayan:

| | |
|---|---|
| Bethlehem | 123 |
| Netofa | 56 |
| Anatot | 128 |
| Azmavet | 42 |
| Jearim, Cafira at Beerot | 743 |

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

| | |
|---|---|
| Rama at Geba | 621 |
| Micmas | 122 |
| Bethel at Hai | 223 |
| Nebo | 52 |
| Magbis | 156 |
| Elam | 1,254 |
| Harim | 320 |
| Lod, Hadid, at Ono | 725 |
| Jerico | 345 |
| Senaa | 3,630 |

36-39 Ito naman ang listahan ng mga angkan ng pari:

| | |
|---|---|
| Jedaias (mula kay Jeshua) | 973 |
| Imer | 1,052 |
| Pashur | 1,247 |
| Harim | 1,017 |

40-42 Ito naman ang listahan ng mga angkan ng Levita:

| | |
|---|---|
| Jeshua at Kadmiel (mula kay Hodavias) | 74 |
| Mga mang-aawit (mula kay Asaf) | 128 |

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

| | |
|---|---|
| Mga bantay-pinto (mula kina Sallum, Ater, Talmon, Akub, Hatita, at Sobai) | 139 |

43-54Ang mga manggagawa naman ng Templo na nakabalik mula sa pagkabihag ay ang mga angkan nina: Ziha, Hasufa, Tabaot, Keros, Siaha, Padon, Lebana, Hagaba, Akub, Hagab, Samlai, Hanan, Gidel, Gahar, Reaias, Rezin, Nekoda, Gazam, Uza, Pasea, Besai, Asnah, Meunim, Nefisim, Bakbuk, Hakufa, Harhur, Bazlut, Mehida, Harsa, Barkos, Sisera, Tema, Nezias, at Hatifa.

55-57Bumalik din mula sa pagkabihag ang mga sumusunod na angkan ng mga lingkod ni Solomon: Sotai, Hasoferet, Peruda, Jaala, Darkon, Gidel, Sefatias, Hatil, Poqueret-hazebaim, at Ami.

58Ang kabuuang bilang ng mga nagmula sa angkan ng mga manggagawa sa Templo at ng mga lingkod ni Solomon na bumalik mula sa pagkabihag ay 392.

59-60May 652 na buhat sa mga angkan nina Delaias, Tobias, at Nekoda ang bumalik mula sa mga bayan ng Tel-mela, Tel-harsa, Querub, Adan, at Imer, kahit hindi nila napatunayan na sila'y mga Israelita.

61-62Hindi rin mapatunayan ng mga sumusunod na angkan ng mga pari ang kanilang pinagmulang lahi: Habaias, Hakoz, at Barzilai. Ang kauna-unahang ninuno ng angkang ito ay nakapag-asawa sa anak na babae ni Barzilai na Gileadita, kaya't ang pangalan ng kanilang angkan ay mula sa pangalan ng kanyang biyenan. Hindi sila ibinilang na mga pari sapagkat hindi nila napatunayan kung sino ang kanilang mga ninuno.

63Sinabihan sila ng tagapamahalang Judio na hindi sila maaaring kumain ng mga pagkaing handog sa Diyos hanggang wala pang pari na maaaring sumangguni sa Urim at Tumim.

64-67Ang kabuuang bilang ng mga bumalik mula sa pagkabihag ay 42,360. Ang kanilang mga utusang lalaki at babae ay 7,337. Ang mga manunugtog na lalaki at babae ay 200. Ang mga kabayo ay 736. Ang mga mola ay 245. Ang mga kamelyo ay 435. Ang mga asno ay 6,720.

68Nang dumating na sa Templo ni Yahweh sa Jerusalem ang mga bumalik mula sa pagkabihag, ilan sa mga pinuno ng mga angkan ang nagbigay ng kusang-loob na handog upang gamitin sa muling pagtatayo ng Templo sa dating kinatatayuan nito.

69Ibinigay nila ang buo nilang makakaya para sa gawaing ito, at ang kabuuang naipon ay 500 kilong ginto, 2,800 kilong pilak, at sandaang kasuotan ng mga pari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

70Ang mga pari, ang mga Levita, at ang ilang mga tao ay nanirahan sa loob mismo ng lunsod ng Jerusalem at sa palibot nito. Ang mga manunugtog, ang mga bantay sa Templo, at ang mga manggagawa sa Templo ay nanirahan naman sa mga karatig-bayan. Ang ibang mga Israelita ay nanirahan sa mga bayang pinagmulan ng kani-kanilang mga ninuno.

## Ezra 3

### Muling Sinimulan ang Pagsamba

1Pagsapit ng ika-7 buwan, ang mga Israelita ay panatag nang nanirahan sa kani-kanilang bayan. Isang araw, lahat sila'y sama-samang nagtipon sa Jerusalem.

2Ang altar ng Diyos ng Israel ay muling itinayo ni Josue na anak ni Jehozadak, kasama ang kanyang mga kapwa-pari at si Zerubabel na anak ni Sealtiel, gayundin ang mga kamag-anak nito. Ginawa nila ito upang makapag-alay sa altar ng mga handog na susunugin ayon sa nakasulat sa kautusan ni Moises na lingkod ng Diyos.

3Bagama't takot sa mga naninirahan sa lupain ang mga nagsibalik na Judio, itinayo pa rin nila sa dating lugar ang altar. Doon ay muli silang nag-alay ng mga handog na susunugin para kay Yahweh sa umaga at sa gabi.

4Ipinagdiwang din nila ang Pista ng mga Tolda gaya ng nakasulat, at araw-araw ay nagsusunog sila ng mga handog na ukol sa bawat araw.

5Bukod dito, nag-alay sila ng mga palagiang handog na sinusunog, mga handog para sa panahon ng Pista ng Bagong Buwan at para sa lahat ng kapistahang itinalaga ni Yahweh. Nag-alay din sila ng mga kusang-loob na handog para kay Yahweh.

6Sa pagsapit ng unang araw ng ika-7 buwan, sinimulan na nilang maghandog kay Yahweh kahit hindi pa nasimulang muling itayo ang Templo.

### Sinimulan ang Muling Pagtatayo ng Templo

7Kumuha sila ng mga swelduhang tagatapyas ng bato at mga karpintero. Nagpadala rin sila ng mga pagkain, inumin, at langis sa mga taga-Sidon at taga-Tiro bilang bayad sa mga punong sedar na dadalhin ng mga barko mula sa Lebanon patungo sa daungan ng Joppa. Ang lahat ng ito ay ginawa nang may pahintulot mula kay Haring Ciro ng Persia.

8Kaya't nagsimula na silang magtrabaho pagsapit ng ika-2 buwan ng ika-2 taon mula nang makabalik sila sa dating kinatatayuan ng Templo ng Diyos sa Jerusalem. Sama-samang nagtrabaho sina Zerubabel na anak ni Sealtiel, at Josue na anak ni Jozadak, kasama ang iba pa nilang mga kababayan, gayundin ang mga pari at Levita. Sa katunayan, kasama sa gawaing ito ang lahat ng bumalik sa Jerusalem mula sa pagkabihag. Inatasan nilang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

mamahala sa pagtatayo ng Templo ng Diyos ang mga Levita na ang edad ay dalawampung taon pataas.

9Ang mga nagtatrabaho sa pagtatayo ng Templo ng Diyos ay pinamahalaan nina Josue at ng kanyang mga anak at mga kamag-anak kasama sina Kadmiel at ang kanyang mga anak mula sa angkan ni Hodavias. Kasama rin ang mga anak ni Henadad, ang mga Levita at ang kanilang mga anak at mga kamag-anak.

10Nang inilalagay na ng mga manggagawa ang pundasyon ng Templo ni Yahweh, pumuwesto na ang mga nakabihis na pari, hawak ang kanilang mga trumpeta pati ang mga Levita na anak ni Asaf, na hawak ang kanilang mga pompiyang. Nagpuri sila kay Yahweh ayon sa paraang itinuro ni Haring David ng Israel.

11Nagsagutan sila sa pag-awit ng mga papuri at pasasalamat kay Yahweh. Ito ang kanilang inawit: "Purihin si Yahweh sa kanyang kabutihan! Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman." Malakas na isinigaw ng lahat ng tao ang kanilang papuri kay Yahweh sapagkat ang pundasyon ng Templo ni Yahweh ay inilagay na.

12Marami sa matatandang pari, Levita at pinuno ng mga angkan na nakakita sa unang templo ang umiyak nang malakas habang sinasaksihan ang paglalagay ng pundasyon ng bagong Templo. Marami ring tao ang sumigaw nang may kagalakan.

13Dahil dito'y hindi na malaman kung alin ang sigaw ng kagalakan at alin ang sigaw ng pag-iyak sapagkat ang ingay ng mga tao ay napakalakas at dinig sa malayo.

## Ezra 4

### May Sumalungat sa Muling Pagtatayo ng Templo

1Nang mabalitaan ng mga kaaway ng Juda at Benjamin na itinatayong muli ng mga bumalik mula sa pagkabihag ang Templo ni Yahweh, ang Diyos ng Israel,

2kinausap nila si Zerubabel at ang mga pinuno ng mga angkan at sinabi sa kanila, "Tutulungan namin kayo sa pagtatayo ng Templo sapagkat sinasamba rin namin ang inyong Diyos gaya ng pagsamba ninyo sa kanya. Matagal na rin kaming nag-aalay ng handog sa kanya, simula pa noong panahon ni Haring Esarhadon ng Asiria na siyang nagdala sa amin dito."

3Ngunit sinabi sa kanila nina Zerubabel, Josue at ng iba pang mga pinuno ng mga angkan, "Wala kayong karapatang tumulong sa amin para itayo ang Templo ng aming Diyos. Gaya ng ipinag-utos ni Haring Ciro ng Persia, kami lamang ang magtatayo nito para kay Yahweh, ang Diyos ng Israel."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Dahil dito, ginulo at tinakot ng mga dati nang naninirahan sa lupaing iyon ang mga Judio upang hindi makapagtrabaho ang mga ito.

5May sinuhulan din silang mga opisyal ng pamahalaan ng Persia upang kumilos laban sa mga Judio at sirain ang plano ng mga ito. Ginawa nila ito mula noong panahong si Ciro pa ang Emperador ng Persia hanggang sa panahon ng paghahari ni Dario.

**Sinalungat ang Muling Pagtatatag ng Jerusalem**

6Sa simula ng paghahari ni Xerxes, ang mga kaaway ng mga Judiong naninirahan sa Juda at Jerusalem ay nagpalabas ng mga nakasulat na paratang laban sa kanila.

7Noon namang naghahari si Artaxerxes ng Persia, lumiham dito sina Bislam, Mitredat, at Tabeel, kasama ang kanilang mga kapanalig. Sinulat ang liham sa wikang Aramaico kaya't kinailangang isalin sa pagbasa.

8Sumulat din si Rehum na gobernador at si Simsai na kalihim ni Haring Artaxerxes tungkol sa kanilang pagtutol sa mga nangyayari sa Jerusalem.

9“Mula kina Rehum na gobernador at Simsai na kalihim; mula sa kanilang mga kapanalig na hukom, pinuno, at sugo na galing sa Erec, Babilonia, at Susa sa lupain ng Elam;

10kasama ng mga iba pang inilipat at pinatira ng dakila at makapangyarihang si Asurbanipal sa lunsod ng Samaria at sa mga lugar sa lalawigang Kanluran-ng-Eufrates.”

11Ito ang nilalaman ng liham: “Isang pagbati sa Kanyang Kamahalan, Haring Artaxerxes; buhat sa kanyang mga lingkod sa Kanluran-ng-Eufrates.

12“Kamahalan, ipinapaabot po namin sa inyong kaalaman na ang mapaghimagsik at masamang lunsod ng Jerusalem ay muling itinatayo ng mga Judio na dumating mula sa mga bayang inyong nasasakupan, at ngayo'y naninirahan doon. Naisaayos na po nila ang mga pundasyon ng lunsod at kasalukuyan namang itinatayo ang mga pader.

13Kamahalan, kung maitatayo pong muli ang lunsod at pati ang mga pader nito, hindi na magbabayad ng mga buwis ang mga tao roon at mababawasan na ang malilikom na salapi para sa kaharian.

14Hindi po kami makakapayag na mangyari ito sapagkat kami po'y may pananagutan sa Inyong Kamahalan. Ipinababatid namin ito sa inyo

15upang siyasatin ang talaan ng kasaysayan ng inyong mga ninuno. Matatagpuan po ninyo at mapapatunayan sa mga nakatalang kasaysayan na ang lunsod na ito ay mapaghimagsik at sakit-ng-ulo ng mga naunang hari at ng mga pinuno ng mga lalawigan. Noon pa ma'y mahirap nang pamahalaan ang mga tao sa lunsod na ito. Iyan po ang dahilan kaya ito'y winasak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Ipinapaalam lamang po namin sa Inyong Kamahalan na kapag naitatag na ang lunsod at ang mga pader nito, tapos na rin po ang inyong pamamahala sa lalawigang Kanluran-ng-Eufrates."

17Ito naman ang sagot na ipinadala ng hari: "Para kina Rehum na gobernador at Simsai na kalihim; para sa kanilang mga kapanalig na naninirahan sa Samaria at sa mga lugar na nasa lalawigang Kanluran-ng-Eufrates: Isang pagbati ang pinararating ko sa inyo.

18"Ang liham na ipinadala ninyo ay isinalin sa aking wika at binasa sa harapan ko.

19Kaya't ipinag-utos kong gawin ang isang pagsisiyasat, at napatunayan na noon pa mang unang panahon ay naghimagsik na ang mga taga-Jerusalem laban sa mga hari, at ang paghihimagsik at pagsalungat nila sa pamahalaan ay naging karaniwang pangyayari na lamang doon.

20Binabayaran nga ng buwis ang mga makapangyarihang hari sa Jerusalem na naghari noon sa buong lalawigang Kanluran-ng-Eufrates.

21Dahil dito, ipag-utos ninyong ihinto na ng mga lalaking iyon ang muling pagtatayo ng lunsod hangga't wala pa akong ipinalalabas na utos tungkol dito.

22Gawin ninyo agad ito bago pa sila lumikha ng pinsala sa aking kaharian."

23Pagkatapos mabasa nina Rehum, Simsai, at ng kanilang mga pinunong kapanalig ang liham ni Haring Artaxerxes, agad silang nagtungo sa Jerusalem at pilit na pinahinto ang mga Judio sa muling pagtatayo ng lunsod.

### Ipinagpatuloy ang Gawain sa Templo

24Napahinto nga ang pagtatayo ng Templo sa Jerusalem hanggang sa ika-2 taon ng paghahari ni Dario ng Persia.

## Ezra 5

1Nang panahong iyon, ang mga propetang sina Hagai at Zacarias na anak ni Ido ay nagpahayag ng propesiya sa pangalan ng Diyos ng Israel tungkol sa mga Judiong nakatira sa Juda at Jerusalem.

2Nang marinig sila ni Zerubabel na anak ni Sealtiel at ni Josue na anak ni Jozadak, ipinagpatuloy ng mga ito ang pagtatayo ng Templo ng Diyos sa Jerusalem. Tinulungan sila ng mga propeta ng Diyos.

3Agad namang dumating si Tatenai na gobernador ng Kanluran-ng-Eufrates at si Setar-bozenai, kasama ang iba pang mga pinuno. Tinanong ng mga ito sina Zerubabel at Josue, "Sinong nag-utos sa inyo na gawin at tapusin ang templong ito?"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Tinanong pa nila, “Ano ang mga pangalan ng mga lalaking nagtatrabaho rito?”

5Ngunit binantayan ng Diyos ang pinuno ng mga Judio kaya't hindi sila pinakialaman ng mga pinunong taga-Persia habang hindi pa nakakapag-ulat ang mga ito kay Emperador Dario at habang hinihintay nila ang sagot ng hari.

6Ito ang ulat na ipinadala nina Tatenai sa hari:

7“Sumainyo nawa ang kapayapaan, Haring Dario.

8“Ipinapaalam po namin sa Inyong Kamahalan na binisita na po namin ang lalawigan ng Juda. Ang Templo po ng dakilang Diyos ay muling itinatayo sa pamamagitan ng malalaking tapyas ng bato at ang mga pader naman nito ay pinapatibay sa pamamagitan ng mga troso. Masigasig po ang kanilang pagtatrabaho at malaking bahagi na ang kanilang nagagawa.

9“Tinanong po namin ang matatandang pinuno roon kung sinong nag-utos sa kanila na gawing muli at tapusin ang templo.

10Tinanong din po namin ang kanilang mga pangalan upang maipaalam namin sa inyo kung sinu-sino ang mga nangunguna sa gawaing iyon.

11“Sinagot po nila kami ng ganito: ‘Kami ang mga lingkod ng Diyos ng langit at lupa, at muli naming itinatayo ang Templo na noong unang panahon ay ipinatayo ng isang makapangyarihang hari ng Israel.

12Ngunit dahil ginalit ng aming mga ninuno ang Diyos ng kalangitan, sila ay pinabayaan niyang sakupin ng Caldeong si Nebucadnezar, hari ng Babilonia. Winasak ni Nebucadnezar ang Templong ito at ang mga tao ay dinala niyang bihag sa Babilonia.

13Ngunit, noong unang taon ng paghahari ni Ciro sa Babilonia, nagpalabas ito ng utos para muling itayo ang Templo ng Diyos.

14Ipinabalik rin ni Haring Ciro ang mga kagamitang ginto at pilak sa Templo. Ang mga iyon ay kinuha ni Nebucadnezar mula sa Templo ng Jerusalem at inilagay sa kanyang templo sa Babilonia. Kaya ipinagkatiwala ni Haring Ciro ang mga kagamitang ito kay Sesbazar na itinalaga niya bilang gobernador ng mga Judio.

15Sinabi ng hari kay Sesbazar na dalhin ang mga iyon at ilagay sa Templo sa Jerusalem. Iniutos din niya na muling itayo ang Templo sa dati nitong lugar.

16Kaya't naparito nga si Sesbazar at inilagay ang mga pundasyon ng Templo ng Diyos sa Jerusalem. Noon sinimulan ang pagtatayo ng Templo na nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan. Sa katunayan nga'y hindi pa ito tapos.’

17“Ngayon, kung mamarapatin po ng Inyong Kamahalan, ipahanap po ninyo sa mga taguan ng mga kasulatan ng kaharian sa Babilonia kung tunay ngang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ipinag-utos ni Haring Ciro na muling itayo ang Templo ng Diyos sa Jerusalem. Hinihiling po namin na ipabatid ninyo sa amin ang inyong pasya sa bagay na ito."

## Ezra 6

### Muling Natagpuan ang Utos ni Haring Ciro

1Nagpalabas nga ng isang utos si Haring Dario na saliksikin ang mga kasulatan ng kaharian na nakatago sa Babilonia.

2At sa lunsod ng Ecbatana, sa palasyong nasa lalawigan ng Media, natagpuan ang isang kasulatan na ganito ang nakasulat:

3"Nang unang taon ng paghahari ni Ciro, nagpalabas ito ng isang utos na muling itayo ang Templo ng Diyos sa Jerusalem upang doo'y mag-alay at magsunog ng mga handog. Kailangang ang Templo'y 27 metro ang taas at 27 metro rin ang luwang.

4Ang bawat pundasyon nito'y dapat na tatlong patong ng malalaking bato at sa ibabaw ng mga ito'y ipapatong naman ang isang troso. Lahat ng kaukulang bayad dito ay kukunin mula sa kabang-yaman ng hari.

5Ang mga ginto't pilak na kagamitan sa Templo ng Diyos na dinala ni Haring Nebucadnezar sa Babilonia ay dapat ding isauli sa pinaglagyan nito sa Templo sa Jerusalem."

### Iniutos ni Dario na Ipagpatuloy ang Pagtatrabaho

6Nang mabasa ito ni Haring Dario, gumawa siya ng liham bilang sagot kay Tatenai at sa mga kapanalig nito. "Kay Tatenai na gobernador ng Kanluran-ng-Eufrates, kay Setar-bozenai, at sa mga kasamahan nilang pinuno sa Kanluran-ng-Eufrates. "Huwag na kayong makialam diyan.

7Hayaan ninyong ipagpatuloy ng gobernador at ng pinuno ng mga Judio ang pagtatayo ng Templo ng Diyos sa dati nitong kinatatayuan.

8Iniuutos ko ring tumulong kayo sa gawaing ito. Ang lahat ng gastos dito ay kunin ninyo sa kabang-yaman ng kaharian na mula sa mga buwis ng Kanluran-ng-Eufrates. Dapat na bayaran agad ng husto ang mga taong ito upang hindi maantala ang gawain.

9Kailangang araw-araw kayong magbigay ng lahat ng mga hinihingi ng mga pari sa Jerusalem, gaya ng batang toro, lalaking tupa, at kordero na sinusunog bilang handog sa Diyos ng kalangitan; pati na trigo, asin, alak, at langis.

10Gawin ninyo ito upang patuloy silang makapag-alay ng mababangong handog sa Diyos ng kalangitan at upang lagi nilang ipanalangin na pagpalain ang hari at ang mga anak nito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Ipinag-uutos ko rin na parusahan ang sinumang sumuway o magtangkang baguhin ang utos kong ito: Isang biga ang huhugutin sa kanyang bahay. Patutulisin ang isang dulo nito at itutuhog sa katawan ng taong iyon. Ang kanyang bahay naman ay gagawing isang bunton ng basura.

12Pinili ng Diyos ang Jerusalem upang doo'y sambahin siya. Kaya pabagsakin nawa niya ang sinumang hari o alinmang bansa na susuway sa utos na ito at magtatangkang wasakin ang Templong ito ng Diyos sa Jerusalem. Akong si Dario ang nag-uutos nito kaya't dapat itong lubusang ipatupad."

### Itinalaga ang Templo

13Lubos ngang ipinatupad nina Tatenai na gobernador, at Setar-bozenai, pati na ng kanilang mga kasamahang pinuno, ang ipinag-utos ni Haring Dario.

14Patuloy namang nagtrabaho ang pinuno ng mga Judio at malaking bahagi na rin ang kanilang nagagawa dahil pinapalakas ng mga propetang sina Hagai at Zacarias ang kanilang loob. Tinapos nila ang pagtatayo ng Templo ayon sa utos ng Diyos ng Israel at ipinatupad nina Ciro, Dario, at Artaxerxes na magkakasunod na naging mga hari ng Persia.

15Nang ikatlong araw ng ikalabindalawang buwan, sa ikaanim na taon ng paghahari ni Dario, natapos nila ang pagtatayo sa Templo.

16Ang buong sambayanang Israel—mga pari at Levita, at ang lahat ng bumalik mula sa pagkabihag ay masayang nagdiwang sa pagtatalaga ng Templo ng Diyos.

17Sa pagtatalagang ito, nag-alay sila ng 100 toro, 200 tupang lalaki, at 400 kordero; labindalawang kambing na lalaki naman ang inihandog nila para sa kasalanan ng buong Israel—isa para sa bawat lipi ng Israel.

18Inilagay nila ang mga pari at Levita sa kani-kanilang tungkulin para sa paglilingkod sa Diyos sa Templo sa Jerusalem gaya ng nakasulat sa aklat ni Moises.

### Ang Paskwa

19Pagsapit ng ika-14 na araw ng unang buwan ng sumunod na taon, ang Paskwa ay ipinagdiwang ng mga bumalik mula sa pagkabihag.

20Sama-samang nilinis ng mga pari at Levita ang kanilang mga sarili ayon sa kautusan. At pagkatapos ay pinatay na nila ang mga korderong pampaskwa para sa mga bumalik mula sa pagkabihag, para sa kanilang mga kapwa pari, at para sa kanilang sarili.

21Ang mga handog ay kinain ng buong sambayanan ng Israel na bumalik mula sa pagkabihag. Kasalo nila ang lahat ng taong nakipagdiwang sa kanila,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

mga taong tumalikod na sa mga paganong gawain ng mga naninirahan sa lupaing iyon upang sambahin si Yahweh, ang Diyos ng Israel.

22Sa loob ng pitong araw ay masaya nilang ipinagdiwang ang Pista ng Tinapay na Walang Pampaalsa. Tumulong sa kanila ang hari sa pagpapatayo ng Templo ng Diyos ng Israel. Punung-puno sila ng kagalakan dahil niloob ni Yahweh na magmalasakit sa kanila ang hari ng Asiria.

## Ezra 7

### Dumating si Ezra sa Jerusalem

1-6Makalipas ang ilang panahon, nang si Artaxerxes ang hari ng Persia, dumating mula sa Babilonia ang isang lalaking nagngangalang Ezra. Nagmula siya sa angkan ni Aaron dahil ang kanyang ama na si Seraias ay anak ni Azarias na anak ni Hilkias. Si Hilkias naman ay anak ni Sallum na anak ni Zadok. Si Zadok ay anak ni Ahitub na anak ni Amarias na anak ni Azarias. Si Azarias naman ay anak ni Meraiot na anak ni Zerahias na anak naman ni Uzi. Si Uzi ang anak ni Buki na anak ni Abisua na anak naman ni Finehas. Si Finehas ay anak ni Eleazar at apo ni Aaron na pinakapunong pari. Si Ezra ay isang eskriba na dalubhasa sa Kautusan ni Moises na ibinigay ni Yahweh, ang Diyos ng Israel. Si Ezra ay pinatnubayan ni Yahweh na kanyang Diyos kaya't lahat ng kahilingan niya'y ipinagkaloob sa kanya ng hari.

7Noong ikapitong taon ng paghahari ni Artaxerxes, umalis si Ezra sa Babilonia patungong Jerusalem, kasama ang isang pangkat ng mga Israelita na kinabibilangan ng mga pari at mga Levita, mga mang-aawit, mga bantay sa pinto at mga tagapaglingkod sa Templo.

8-9Umalis sila sa Babilonia nang unang araw ng unang buwan, at sa patnubay ng kanyang Diyos ay dumating siya sa Jerusalem nang unang araw ng ikalimang buwan.

10Buong sikap na pinag-aralan ni Ezra ang Kautusan ni Yahweh upang maisagawa niya ito at upang maituro niya sa bayang Israel ang mga batas at tuntunin nito.

### Ang Dokumentong Ibinigay ni Artaxerxes kay Ezra

11Ito ang nilalaman ng liham na ibinigay ni Haring Artaxerxes kay Ezra, ang pari at eskriba na dalubhasa sa Kautusang ibinigay ni Yahweh sa Israel:

12“Buhat kay Haring Artaxerxes; para kay Ezra na pari at eskriba ng Kautusan ng Diyos ng kalangitan,

13“Ngayo'y ipinag-uutos ko na sinuman sa mga Israelita, mga pari man o mga Levita sa aking kaharian, na gustong sumama sa iyo pabalik sa Jerusalem ay pahihintulutan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[14]Isinusugo kita, at ng aking pitong tagapayo, upang siyasatin ang mga nagaganap sa Jerusalem at Juda. Alamin mo kung sinusunod nilang mabuti ang Kautusan ng iyong Diyos na ipinagkatiwala sa iyo.

[15]Dalhin mo ang mga ginto at pilak na ipinagkakaloob ko at ng aking mga tagapayo sa Diyos ng Israel na ang Templo ay nasa Jerusalem.

[16]Dalhin mo rin ang lahat ng pilak at gintong ipagkakaloob sa iyo mula sa buong lalawigan ng Babilonia, gayundin ang mga kusang-loob na handog na ibibigay ng mga Israelita at ng kanilang mga pari para sa Templo ng Diyos sa Jerusalem.

[17]“Tiyakin mong ang salaping ito ay gagamitin mo sa pagbili ng mga toro, mga lalaking tupa, at mga kordero, pati ng mga handog na pagkaing butil at alak na panghandog. Ihandog mo ang mga ito sa altar ng Templo ng Diyos na nasa Jerusalem.

[18]Ang matitirang ginto at pilak ay maaari mong gamitin, pati na ng iyong mga kababayan, sa anumang naisin ninyo ayon sa kalooban ng inyong Diyos.

[19]Dalhin mo rin sa Templo ng iyong Diyos sa Jerusalem ang mga kagamitang ibinigay sa iyo para gamitin sa paglilingkod sa Templo.

[20]Kung may iba ka pang kakailanganin para sa Templo, kumuha ka mula sa kabang-yaman ng hari.

[21]“Ako, si Haring Artaxerxes, ay nag-uutos sa lahat ng ingat-yaman sa lalawigan ng Kanluran-ng-Eufrates na ipagkaloob agad ninyo kay Ezra, na pari at dalubhasa sa Kautusan ng Diyos ng kalangitan, ang anumang hingin niya sa inyo.

[22]Maaari ninyo siyang bigyan ng hanggang 3,500 kilong pilak, 100 malalaking sisidlang puno ng trigo, 10 malalaking sisidlang puno ng alak, 10 malalaking sisidlang puno ng langis ng olibo, at gaano man karaming asin na kakailanganin.

[23]Ibigay ninyo ang lahat ng kailangan sa templo na ipinag-uutos ng Diyos ng kalangitan. Kung hindi ay baka ibaling niya ang kanyang galit sa aking kaharian at sa aking mga anak.

[24]Labag din sa batas na pagbayarin ng buwis ang mga pari, Levita, mang-aawit, bantay sa pinto, manggagawa o iba pang mga naglilingkod sa Templong ito ng Diyos.

[25]“At ikaw naman, Ezra, gamitin mo ang karunungang ibinigay sa iyo ng iyong Diyos; maglagay ka ng mga tagapamahala at mga hukom na mangangasiwa sa lahat ng tao sa lalawigan ng Kanluran-ng-Eufrates. Ang ilalagay mo ay ang marurunong sa Kautusan ng Diyos. Sa hindi naman marurunong, ituro mo sa kanila ang Kautusan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Ang lahat ng sumuway sa mga utos ng Diyos o sa mga utos ng hari ay paparusahan ng kamatayan, o pagkabihag, o pagsamsam ng kanyang mga ari-arian, o pagkabilanggo."

**Pinuri ni Ezra ang Diyos**

27Sinabi ni Ezra, "Purihin si Yahweh, ang Diyos ng ating mga ninuno! Inudyukan niya ang hari upang pagandahin ang Templo ni Yahweh na nasa Jerusalem.

28Sa tulong ng Diyos, napapayag ko ang hari at ang kanyang mga tagapayo, pati ang lahat ng kanyang makapangyarihang pinuno. Lumakas ang aking loob sapagkat pinatnubayan ako ni Yahweh na aking Diyos upang tipunin at isama ang mga pangunahing lalaki ng Israel."

## Ezra 8

**Ang mga Bumalik Mula sa Babilonia**

1Ito ang listahan ng mga pinuno ng mga angkan na dinalang-bihag sa Babilonia at bumalik na kasama ni Ezra noong panahon ng paghahari ni Artaxerxes:

2Sa angkan ni Finehas ay si Gersom; sa angkan ni Itamar, si Daniel; sa angkan ni David ay si Hatus

3na anak ni Secanias; sa angkan ni Paros ay si Zacarias at ang mga kasama niyang 150 lalaki;

4sa angkan ni Pahat-moab ay si Eliehoenai na anak ni Zeraias at ang kasama nilang 200 lalaki;

5sa angkan ni Zatu ay si Secanias na anak ni Jahaziel at ang kasama nilang 300 lalaki;

6sa angkan ni Adin ay si Ebed na anak ni Jonatan at ang kasama nilang limampung lalaki;

7sa angkan ni Elam ay si Isaya na anak ni Atalias at ang kasama nilang pitumpung lalaki;

8sa angkan ni Sefatias ay si Zebadias na anak ni Micael at ang kasama nilang walumpung lalaki;

9sa angkan ni Joab ay si Obadias na anak ni Jehiel at ang kasama nilang 218 lalaki;

10sa angkan ni Bani ay si Selomit na anak ni Josifias at ang kasama nilang 160 lalaki;

11sa angkan ni Bebai ay si Zacarias na kanyang anak at ang kasama nilang dalawampu't walong lalaki;

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12 sa angkan ni Azgad ay si Johanan na anak ni Hacatan at ang kasama nilang 110 lalaki;

13 sa angkan ni Adonikam ay sina Elifelet, Jeuel, at Semarias ang huling dumating, bukod sa kasama nilang animnapung lalaki;

14 sa angkan ni Bigvai ay sina Utai, Zacur at ang kasama nilang pitumpu.

**Humanap si Ezra ng mga Levita**

15 Sinabi ni Ezra, “Tinipon ko sila sa ilog na umaagos papuntang Ahava at tatlong araw kaming tumigil doon. Nalaman ko roon na may mga pari sa grupo ngunit walang Levita.

16 Dahil dito, ipinatawag ko ang mga pinunong sina Eliezer, Ariel, Semaias, Elnatan, Jarib, Elnatan, Natan, Zacarias, at Mesulam at ang mga gurong sina Joiarib at Elnatan.

17 Isinugo ko silang lahat kay Ido na pinuno ng Casifia para hilingin sa kanya at sa kanyang mga kapanalig na manggagawa ng templo na magpadala ng mga taong maglilingkod sa Templo ng Diyos.

18 Sa tulong ng Diyos ay ipinadala nila sa amin si Serebias, isang matalinong lalaking Levita na mula sa angkan ni Mali. May mga kasama siyang anak at kapatid na ang kabuuang bilang ay labingwalo.

19 Ipinadala rin nila sina Hashabias at Jesaias na nagmula sa angkan ni Merari, dalawampung kamag-anak naman ang kasama nito.

20 Napadagdag pa sa kanila ang 220 trabahador ng templo na ang mga ninuno ay inatasan ni Haring David at ng kanyang mga opisyal upang tumulong sa mga Levita. Nakalista lahat ang kanilang mga pangalan.

**Pinangunahan ni Ezra ang mga Tao sa Pag-aayuno at Pananalangin**

21 “Doon sa pampang ng Ilog Ahava, sinabi ko sa buong grupo na kaming lahat ay mag-aayuno at maninikluhod sa harap ng aming Diyos upang hilingin sa kanya na patnubayan kami at ingatan sa paglalakbay, pati na ang aming mga anak at mga ari-arian.

22 Nahihiya akong humiling sa hari ng mga kawal na magbabantay sa amin laban sa mga kaaway habang kami'y naglalakbay sapagkat nasabi ko na sa hari na pinapatnubayan ng aming Diyos ang lahat ng nagtitiwala sa kanya. Napopoot siya at nagpaparusa sa mga nagtatakwil sa kanya.

23 Nag-ayuno nga kami at hiniling sa Diyos na nawa'y ingatan kami, at pinakinggan naman niya ang aming kahilingan.

**Ang mga Handog para sa Templo**

24 “Mula sa mga pangunahing pari ay pinili ko sina Serebias at Hashabias, at sampung iba pa na pawang mga kamag-anak din nila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25 Pagkatapos ay tinimbang ko at ibinigay sa mga pari ang mga pilak, ginto, at lalagyang ipinagkaloob ng hari at ng kanyang mga tagapayo at mga pinuno, at ng buong Israel upang gamitin sa Templo.

26-27 Ang mga ibinigay ko sa kanila ay 22,750 kilong pilak; sandaang sisidlang pilak na may bigat na pitumpung kilo; 3,500 kilong ginto; dalawampung mangkok na ginto na ang timbang ay walong kilo at apat na guhit; at dalawang mangkok na yari sa pinong tanso na kasinghalaga ng mga mangkok na ginto."

28 Sinabi ko sa kanila, "Kayo'y banal sa harap ni Yahweh, ang Diyos ng inyong mga ninuno; sagrado rin naman ang lahat ng pilak at gintong kagamitan na iniaalay kay Yahweh bilang mga kusang-loob na handog.

29 Ingatan ninyong mabuti ang mga ito hanggang sa makarating kayo sa Templo, sa silid ng mga pari, kung saan titimbangin ang mga ito sa harap ng mga punong pari, mga Levita at mga pinuno ng mga angkan ng Israel sa Jerusalem."

30 Pinamahalaan nga ng mga pari at mga Levita ang mga ginto, ang mga pilak, at ang mga lalagyan. Kinuha nila ang mga ito at dinala sa Templo ng aming Diyos sa Jerusalem.

### Ang Pagbalik sa Jerusalem

31 Umalis kami sa pampang ng Ilog Ahava at naglakbay patungong Jerusalem noong ika-12 araw ng unang buwan. Pinatnubayan kami ng aming Diyos at iningatan kami sa anumang pananalakay at pananambang ng mga kaaway.

32 Pagdating namin sa Jerusalem, tatlong araw kaming nagpahinga roon.

33 Noong ikaapat na araw, nagtungo na kami sa Templo at pagkatapos timbangin doon ang mga pilak, ang mga ginto, at ang mga lalagyan, ipinagkatiwala namin ang mga ito sa paring si Meremot na anak ni Urias, Eleazar na anak ni Finehas at sa mga Levitang sina Jozabad na anak ni Josue at Noadias na anak ni Binui.

34 Ang lahat ay binilang at tinimbang, at ang timbang ng bawat isa ay inilista.

35 Ang lahat ng bumalik mula sa pagkabihag ay nagdala ng mga handog na susunugin para sa Diyos ng Israel. Nag-alay sila ng labindalawang toro para sa buong Israel, siyamnapu't anim na tupang lalaki at pitumpu't pitong kordero; nag-alay din sila ng labindalawang kambing na lalaki bilang handog para sa kasalanan. Ang lahat ng ito'y sinunog bilang handog kay Yahweh.

36 Ibinigay din nila sa mga gobernador at mga pinuno ng lalawigan sa kanluran ng Ilog Eufrates ang nakasulat na utos ng hari. Sa bisa ng utos na ito ay tumulong ang mga pinuno sa buong bayang Israel at sa pagsamba sa Templo ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Ezra 9

### Nalaman ni Ezra na may mga Judiong Nag-asawa ng Di-Judio

1Nang magawâ na ang mga bagay na ito, kinausap ako ng mga pinuno na
dala ang ganitong ulat: “Hindi inihiwalay ng bayang Israel—kasama na rito
ang mga pari at mga Levita—ang kanilang sarili mula sa mga naninirahan sa
lupain gaya ng mga Cananeo, Heteo, Perezeo, Jebuseo, Ammonita,
Moabita, Egipcio at Amoreo. Dahil dito, gumaya sila sa mga karumal-dumal
na gawain ng mga taong ito.

2Nakipag-asawa sila at ang kanilang mga anak na lalaki sa mga kababaihan
doon. Kaya't ang banal na lahi ay nahaluan ng ibang mga lahi, at ang mga
pinuno at tagapanguna pa nila ang pasimuno sa pagtataksil na ito.”

3Nang marinig ko ito ay sinira ko ang aking damit at balabal; bumunot ako ng
buhok sa aking ulo at sa aking balbas at naupong nanlulumo.

4Nakaupo ako roon na nagdadalamhati hanggang sa oras ng panggabing
handog. Maya-maya ay nagdatingan na ang mga tao sa paligid ko. Sila ang
mga nabagabag dahil alam nila ang sinabi ng Diyos ng Israel tungkol sa
kataksilan ng mga bumalik mula sa pagkabihag.

5Nang oras na ng pag-aalay ng panggabing handog, tumayo ako sa aking
pagdadalamhati na suot pa rin ang aking sirang damit. Lumuhod ako at
nanalanging nakataas ang mga kamay kay Yahweh na aking Diyos.

6Sinabi ko sa kanya, “O Diyos, wala po akong mukhang maiharap sa inyo,
sapagkat ang aming kasamaan ay patung-patong na at ngayo'y lampas na
sa aming mga ulo. Ang aming kasalanan ay abot na sa langit.

7Mula pa sa panahon ng aming mga ninuno hanggang ngayon, kami po na
inyong bayan ay lubog na sa kasalanan. Dahil po sa aming mga kasalanan,
kami—pati ang aming mga hari at mga pari—ay pinabayaan ninyong madaig
at masakop ng mga hari ng ibang mga lupain. Pinagpapatay nila kami,
binihag, at pinagnakawan. Ganap ang pagyurak na nangyari sa amin maging
hanggang sa kasalukuyan.

8Gayunman, Yahweh na aming Diyos, pinakitaan pa rin ninyo kami ng
kagandahang-loob maging ito ma'y sa isang maikling panahon lamang. Ilang
tao ang pinalaya ninyo mula sa pagkaalipin at ligtas na pinatira sa banal na
dakong ito upang bigyan ninyo ng bagong pag-asa at buhay.

9Kami po'y mga alipin ngunit hindi ninyo pinabayaan sa pagkaalipin. Sa halip,
ipinakita ninyo ang inyong tapat na pag-ibig nang inudyukan ninyo ang mga
hari ng Persia na sumang-ayon sa amin at pahintulutan kaming mamuhay at
muling itayo ang Templo na noo'y wasak na wasak. Iningatan din ninyo kami
sa Juda at sa Jerusalem.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10“Ngunit ngayon, O aming Diyos, ano pa ang masasabi namin pagkatapos ng lahat ng ito? Muli naming sinuway ang inyong mga utos

11na sa ami'y ibinigay ninyo sa pamamagitan ng mga lingkod ninyong propeta. Sinabi nila sa amin na ang lupaing aming papasukin at aariin ay isang maruming lupain sapagkat ang mga nakatira rito ay punung-puno ng mga gawaing karumal-dumal.

12Sinabi rin nila sa amin na kailanma'y huwag kaming mag-aasawa sa mga iyon at huwag din naming tulungang umunlad ang kanilang kabuhayan, kung gusto naming pakinabangan ang mga pagpapala sa lupaing iyon at maipamana namin ito sa aming mga susunod na salinlahi magpakailanman.

13Kahit naranasan na namin ang inyong parusa dahil sa aming mga kasalanan at kamalian, alam namin, O aming Diyos, na ang parusang iginawad ninyo sa amin ay kulang pa sa dapat naming tanggapin; sa halip, pinahintulutan pa ninyo kaming mabuhay.

14Muli ba naming susuwayin ang inyong mga utos at makikipag-asawa kami sa mga taong ito na kasuklam-suklam ang mga gawain? Kung gagawin namin ito'y labis kayong mapopoot sa amin at wawasakin ninyo kami hanggang sa maubos.

15O Yahweh, Diyos ng Israel, kayo ay makatarungan, subalit niloob ninyong may matira sa aming lahi. Inaamin po namin ang aming kasalanan sa inyo at wala po kaming karapatang humarap sa inyo dahil dito.”

## Ezra 10

### Nakipaghiwalay ang mga may Asawang Hindi Kalahi

1Habang si Ezra ay nakadapang nananalangin sa harap ng Templo at tumatangis na ipinapahayag ang mga kasalanan ng bayan, pumalibot sa kanya ang napakaraming tao na buong kapaitan ding tumatangis.

2Pagkatapos ay sinabi sa kanya ni Secanias na anak ni Jehiel, mula sa angkan ni Elam, “Nagtaksil kami sa ating Diyos dahil nag-asawa kami ng mga babaing dayuhan. Gayunma'y may pag-asa pa rin ang Israel sa kabila ng lahat ng ito.

3Kaya't sumusumpa kami ngayon sa ating Diyos na palalayasin at hihiwalayan namin ang mga babaing ito pati na ang mga anak nila. Gagawin namin ang payo mo at ng iba pang mga pinuno na may paggalang sa utos ng ating Diyos. Tutuparin namin ang anumang itinatakda ng Kautusan.

4Bumangon ka at gawin mo ito sapagkat ito'y pananagutan mo at kami'y nasa likuran mo.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[5]Tumayo nga si Ezra at pinanumpa niya ang mga pinakapunong pari at Levita, pati na ang buong Israel, na gagawin ng mga ito ang sinabi ni Secanias.

[6]Pagkatapos ay umalis si Ezra sa harap ng Templo at pumunta sa silid ni Jehohanan na anak ni Eliasib. Pinalipas niya roon ang magdamag na nagdadalamhati dahil sa kataksilan ng mga bumalik mula sa pagkabihag. Hindi siya kumain ni uminom ng anuman.

[7]Isang mensahe ang ipinahayag sa buong Juda at Jerusalem para sa lahat ng bumalik mula sa pagkabihag na kailangang dumalo sila sa isang pagpupulong sa Jerusalem.

[8]Ayon sa utos ng mga pinuno, sasamsamin ang lahat ng ari-arian ng sinumang hindi dumalo sa loob ng tatlong araw. Bukod dito ay aalisan pa sila ng karapatang makabilang sa sambayanan ng mga bumalik mula sa pagkabihag.

[9]Sa loob ng tatlong araw ang mga kalalakihan ng Juda at Benjamin ay nagtipon nga sa harapan ng Templo ng Diyos sa Jerusalem. Noo'y ika-20 araw ng ika-9 na buwan. Ang mga tao'y nanginginig dahil sa kahalagahan ng bagay na pinag-uusapan at dahil din sa napakalakas na ulan.

[10]Tumayo ang paring si Ezra at sinabi sa kanila, “Nagtaksil kayo sa Diyos nang mag-asawa kayo ng mga babaing banyaga at dahil dito'y pinalaki ninyo ang pagkakasala ng Israel.

[11]Kaya nga ipahayag ninyo ang inyong mga kasalanan kay Yahweh na Diyos ng inyong mga ninuno, at gawin ninyo ang kanyang kagustuhan. Humiwalay kayo sa mga tagarito; palayasin at hiwalayan din ninyo ang inyong mga asawang banyaga.”

[12]Pasigaw na sumagot ang buong kapulungan, “Gagawin namin ang anumang sasabihin mo sa amin!

[13]Ngunit masyadong marami ang mga tao at napakalakas ng ulan; hindi kami makakatagal sa labas. Hindi rin naman matatapos ang bagay na ito sa loob lamang ng isa o dalawang araw sapagkat napakarami naming gumawa ng kasalanang ito.

[14]Ang mga pinuno na lamang namin ang pananatilihin mo rito para kumatawan sa buong bayan. Pagkatapos ay itakda ninyo ang pagparito ng lahat ng may asawang banyaga, kasama ang matatandang pinuno at mga hukom ng kani-kanilang lunsod. Sa ganitong paraan ay mawawala ang galit ng Diyos dahil sa bagay na ito.”

[15]Walang sumalungat sa balak na ito maliban kina Jonatan na anak ni Asahel at Jazeias na anak ni Tikva. Sila nama'y sinuportahan nina Mesulam at Sabetai na isang Levita.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[16]Sinang-ayunan nga ng mga bumalik mula sa pagkabihag ang balak na iyon, kaya pumili ang paring si Ezra ng mga lalaki mula sa mga pinuno ng mga angkan at inilista ang kanilang mga pangalan. Nang unang araw ng ika-10 buwan, sinimulan nila ang kanilang pagsisiyasat,

[17]at sa loob ng sumunod na tatlong buwan ay nasiyasat nila ang lahat ng kaso ng mga lalaking may mga asawang banyaga.

**Ang mga Lalaking may mga Asawang Banyaga**

[18]Ito ang listahan ng mga lalaking may asawang banyaga: Sa mga pari, mula sa angkan ni Josue at ng kanyang mga kapatid, ang mga anak ni Jehozadak na sina Maaseias, Eliezer, Jarib, at Gedalia.

[19]Nangako silang palalayasin at hihiwalayan ang kani-kanilang mga asawa. Nag-alay din sila ng lalaking tupa bilang handog na pambayad sa kasalanan.

[20]Mula sa angkan ni Imer: sina Hanani at Zebadias.

[21]Mula sa angkan ni Harim: sina Maaseias, Elias, Semaias, Jehiel, at Uzias.

[22]Mula sa angkan ni Pashur: sina Elioenai, Maaseias, Ismael, Netanel, Jozabad, at Elasa.

[23]Sa mga Levita: sina Jozabad, Simei, Petahias, Juda, Eliezer, at Kelaias, na kilala rin sa pangalang Kelita.

[24]Sa mga mang-aawit: Si Eliasib. Sa mga bantay sa pinto ng Templo: sina Sallum, Telem, at Uri.

[25]Mula naman sa angkan ni Paros: sina Ramias, Izias, Malquijas, Mijamin, Eleazar, Malquijas, at Benaias.

[26]Mula sa angkan ni Elam: sina Matanias, Zecarias, Jehiel, Abdi, Jeremot, at Elias.

[27]Mula sa angkan ni Zatu: sina Elioenai, Eliasib, Matanias, Jeremot, Zabad, at Aziza.

[28]Mula sa angkan ni Bebai: sina Jehohanan, Hananias, Zabai, at Atlai.

[29]Mula sa angkan ni Bani: sina Mesulam, Maluc, Adaias, Jasub, Seal, at Jeremot.

[30]Mula sa angkan ni Pahat-moab: sina Adna, Helal, Benaias, Maaseias, Matanias, Bezalel, Binui, at Manases.

[31-32]Mula sa angkan ni Harim: sina Eliezer, Isijas, Malquijas, Semaias, Simeon, Benjamin, Maluc, at Semarias.

[33]Mula sa angkan ni Hasum: sina Matenai, Matata, Zabad, Elifelet, Jeremai, Manases, at Simei.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

34-37 Mula sa angkan ni Bani: sina Maadai, Amram, Uel, Benaias, Bedeias, Heluhi, Vanias, Meremot, Eliasib, Matanias, Matenai, at Jaasu.

38-42 Mula sa angkan ni Binui: sina Simei, Selemias, Natan, Adaias, Macnadebai, Sasai, Sarai, Azarel, Selemias, Semarias, Sallum, Amarias, at Jose.

43 Mula sa angkan ni Nebo: sina Jeiel, Matitias, Zabad, Zebina, Jadai, Joel, at Benaias.

44 Ang lahat ng ito ay may mga asawang banyaga na hiniwalayan nila at pinaalis kasama ang kani-kanilang mga anak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Nehemias

## Nehemias 1

### Nanalangin si Nehemias para sa Jerusalem

1Ito ang kasaysayan ng mga nagawa ni Nehemias na anak ni Hacalias. Noon ay ikasiyam na buwan, ng ikadalawampung taon ng paghahari ni Artaxerxes. Akong si Nehemias ay nasa Lunsod ng Susa, ang kabiserang lunsod,

2nang dumating ang kapatid kong si Hanani, kasama ang isang pangkat ng mga lalaki mula sa Juda. Kinumusta ko sila tungkol sa Jerusalem at sa mga Judiong nagbalik sa Juda mula sa pagkabihag sa Babilonia.

3Sumagot sila, "Kawawa naman sila roon. Hinahamak at nilalait ng mga dayuhang nakatira malapit doon." Sinabi nila na wasak pa ang mga pader ng Jerusalem at ang mga pintuan ng lunsod ay hindi pa nagagawa mula nang sunugin iyon.

4Nang marinig ko ito, naupo ako at napaiyak. Ilang araw akong nagdalamhati at nag-ayuno. Nanalangin ako ng ganito sa Diyos ng kalangitan:

5"O Yahweh, Diyos ng kalangitan, kayo ay dakila at nanginginig kami sa takot sa inyong presensya. Matapat ninyong tinutupad ang inyong tipan at wagas na pag-ibig sa mga nagmamahal sa inyo at tumutupad ng inyong mga utos.

6Pagmasdan ninyo ako at pakinggan ang aking panalangin. Nananalangin ako sa inyo araw at gabi para sa bayang Israel na inyong lingkod. Inaamin ko pong nagkasala kami sa inyo, ako at ang aking mga ninuno.

7Napakabigat ng aming kasalanan sa inyo! Hindi namin sinunod ang inyong Kautusan. Nilabag namin ang mga tuntuning ibinigay ninyo sa amin sa pamamagitan ng inyong lingkod na si Moises.

8Sinabi ninyo kay Moises, 'Kung kayong mga Israelita ay tatalikod sa akin, ikakalat ko kayo sa iba't ibang mga bansa.

9Subalit kung manunumbalik kayo at tutupad sa aking mga utos, mapadpad man kayo sa pinakamalalayong lugar, titipunin ko kayong muli sa lupaing aking pinili upang sambahin ako roon.'

10Sila ang inyong mga lingkod at ang inyong bayan na tinubos sa pamamagitan ng inyong dakilang kapangyarihan at lakas.

11O Panginoon, pakinggan ninyo ang panalangin ko, at ng iba pang lingkod ninyo na nagnanais magparangal sa inyo. Pagtagumpayin po ninyo ako ngayon at loobin po ninyong kahabagan ako ng hari."

### Pumunta si Nehemias sa Jerusalem

Nang panahong iyon, ako ang namamahala sa mga inumin ng hari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Nehemias 2

[1]Isang araw ng unang buwan, ika-20 taon ng paghahari ni Artaxerxes, binigyan ko siya ng kanyang inuming alak. Noon lamang niya ako nakitang malungkot.

[2]Tinanong niya ako, “Bakit ka nalulungkot? Tingin ko sa iyo'y wala ka namang sakit.”

[3]Natakot ako kaya sinabi ko sa hari, “Nawa'y ingatan kayo ng Diyos, habang panahon! Nalulungkot po ako sapagkat ang lunsod na pinaglibingan sa aking mga ninuno ay wasak at ang mga pintuan niyon ay natupok ng apoy.”

[4]“Ano ngayon ang nais mo?” tanong ng hari. Nanalangin ako sa Diyos ng kalangitan, at pagkatapos,

[5]sinabi ko sa hari, “Kung pahihintulutan po ninyo ako, Kamahalan, nais kong umuwi sa Juda, upang itayong muli ang lunsod na pinaglibingan sa aking mga ninuno.”

[6]Sinabi sa akin ng hari na noo'y katabi ng reyna, “Gaano ka katagal roon at kailan ka babalik?” Nagtakda ako ng panahon at malugod naman akong pinahintulutan.

[7]Nakiusap ako sa hari na bigyan na rin niya ako ng mga liham para sa mga gobernador ng lalawigan sa Kanluran ng Ilog Eufrates upang paraanin ako patungong Juda.

[8]Gumawa rin siya ng sulat para kay Asaf, ang tagapamahala ng kagubatan ng kaharian upang bigyan ako ng mga trosong gagamitin sa pintuan ng muog ng Templo, sa pader ng lunsod at sa bahay na aking titirhan. Ang lahat ng ito ay ginawa ng hari dahil sa kabutihan ng Diyos sa akin.

[9]Nang ako'y umalis, pinasamahan pa ako ng hari sa mga pinuno ng hukbo at sa isang hukbong nakakabayo. Pagdaan ko sa mga gobernador ng lalawigan sa Kanluran ng Eufrates, iniabot ko sa kanila ang liham ng hari.

[10]Nang malaman ni Sanbalat na Horonita at ni Tobias na isang opisyal na Ammonita na may dumating upang itaguyod ang kapakanan ng mga Israelita, sila'y lubos na nagalit.

### Ang Muling Pagtatayo ng Pader

[11]Dumating ako sa Jerusalem. Tatlong araw na ako roon ay

[12]hindi ko pa ipinaalam kaninuman ang ipinagagawa sa akin ng Diyos tungkol sa Jerusalem. Sa gabi nang ikatlong araw, gumising ako at lumabas ng lunsod na may ilang kasama. Ang tanging hayop na dinala namin ay ang asnong aking sinasakyan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Lumabas ako sa Pintuan ng Libis sa daang patungo sa Bukal ng Dragon hanggang sa pintuang papunta sa tapunan ng basura. Sinuri kong mabuti ang giba-gibang pader ng Jerusalem at ang mga nasunog nitong pintuan.

14Nagpatuloy ako sa Pintuang Bukal hanggang sa Paliguan ng Hari. Pagdating doon, walang madaanan ang sinasakyan kong asno.

15Kaya't naglakad ako patungong Libis at siniyasat ko ang pader. Pagkatapos ay muli akong pumasok sa Pintuan ng Libis pabalik.

16Hindi alam ng mga pinuno kung saan ako nanggaling at kung ano ang aking ginawa. Wala pa rin akong sinasabi sa mga Judio—sa mga pari, mga pinuno, mga opisyal, at sa iba pang magkakaroon ng bahagi sa gawain.

17Pagkatapos, sinabi ko sa kanila, “Nakikita ninyo ang kalunus-lunos na kalagayan ng ating bayan. Wasak ang Jerusalem at sunog ang mga pintuan nito. Itayo nating muli ang pader ng lunsod upang mahango na tayo sa kahihiyan.”

18At sinabi ko sa kanila kung paano ako pinagpala ng Diyos at kung ano ang sinabi sa akin ng hari. “Kung gayon, simulan na natin ang pagtatayo,” ang sagot nila. Kaya't naghanda nga sila upang simulan ang gawain.

19Ngunit nang malaman ito nina Sanbalat na Horonita at Tobias na isang opisyal na Ammonita, at maging si Gesem na taga-Arabia, pinagtawanan nila kami at hinamak, at sinabing, “Ano ang ginagawa ninyong iyan? Naghihimagsik ba kayo laban sa hari?”

20Sinagot ko sila, “Pagtatagumpayin kami ng Diyos ng kalangitan, at kami na kanyang mga lingkod ay magsisimula nang magtayo. Ngunit kayo'y walang bahagi, karapatan o alaala man sa Jerusalem.”

## Nehemias 3

### Mga Parteng Ipinagagawa

1Ganito muling itinayo ang nasirang pader ng lunsod. Ang pinakapunong pari na si Eliasib at ang mga kasamahan niyang pari ang muling nagtayo ng Pintuan ng mga Tupa. Binasbasan nila ito at pagkatapos ay nilagyan ng mga pinto. Binasbasan din nila ang pader hanggang sa Tore ng Sandaan, at sa Tore ni Hananel.

2Ang kasunod na bahagi ay itinayo ng mga taga-Jerico. Si Zacur na anak ni Imri ang nagtayo ng kasunod na bahagi.

3Ang gumawa ng Pintuan ng Isda ay ang angkan ni Hasenaa. Nilagyan nila ito ng mga posteng pahalang, mga pinto at mga bakal na pangkandado.

4Ang kasunod na bahagi naman ay ginawa ni Meremot na anak ni Urias at apo naman ni Hakoz. Ang gumawa ng kasunod nito ay si Mesulam na anak

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ni Berequias at apo ni Mesezabel. Ang kasunod nito ay ginawa naman ni Zadok na anak ni Baana.

5Ang kasunod na bahagi ay ginawa ng mga taga-Tekoa. Ngunit ang mga maharlika ay tumangging gawin ang mga iniatas ng mga namamahala.

6Ang muling nag-ayos ng Pintuang Luma ay sina Joiada na anak ni Pasea at si Mesulam na anak ni Besodeias. Sila rin ang naglagay ng mga posteng pahalang, mga pinto at mga bakal na pangkandado.

7Ang kasunod nito ay ginawa nina Melatias na taga-Gibeon at Jadon na taga-Meronot, at ng mga taga-Gibeon at Mizpa, hanggang sa tirahan ng gobernador ng lalawigan sa Kanluran ng Eufrates.

8Ang kasunod na bahagi ay ginawa ni Uziel na platero, anak ni Harhaia. Ang sumunod na bahagi hanggang sa Malapad na Pader ay ginawa ni Hananias na manggagawa ng pabango.

9Ang kasunod na bahagi ay ginawa naman ng anak ni Hur na si Refaias, pinuno ng kalahating distrito ng Jerusalem.

10Si Jedaias na anak ni Harumaf ang gumawa ng sunod na bahaging malapit sa kanyang bahay. Ang kasunod nito ay ginawa naman ni Hatus na anak ni Hasabneias.

11Ang bahaging kasunod hanggang sa Tore ng mga Hurno ay ginawa ni Malquias na anak ni Harim at ni Hasub na anak naman ni Pahat-moab.

12Ang kasunod nito ay ginawa ng anak ni Halohesh na si Sallum, pinuno ng isa pang kalahating distrito ng Jerusalem. Siya'y tinulungan ng kanyang mga anak na babae.

13Ang Pintuan ng Libis hanggang sa pintuang papunta sa tapunan ng basura ay itinayo ni Hanun at ng mga taga-Zanoa. Sila rin ang nag-ayos ng mga pinto at ng mga bakal na pangkandado. May 450 metro ang haba ng pader na inayos nila.

14Ang pintuang papunta sa tapunan ng basura ay inayos ng anak ni Recab na si Malquias, pinuno ng distrito ng Beth-hakerem. Siya rin ang naglagay ng mga pinto at ng mga bakal na pangkandado.

15Ang nag-ayos ng Pintuan ng Bukal ay ang anak ni Colhoze na si Sallum, pinuno ng distrito ng Mizpa. Binubungan niya ito at nilagyan ng mga pintuan at mga bakal na pangkandado. Inayos din niya ang pader ng Ipunan ng Tubig ng Sela, patungo sa halamanan ng hari hanggang sa makababa ng hagdanan mula sa Lunsod ni David.

16Mula naman doon hanggang sa tapat ng libingan ni David, tipunan ng tubig at ng himpilan ng mga bantay, ang nag-ayos ay ang anak ni Azbuk na si Nehemias, pinuno ng kalahating distrito ng Beth-sur.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang mga Levitang Nagtayo ng Pader

17Ito naman ang mga Levitang nagtayo ng mga kasunod na bahagi ng pader: Si Rehum na anak ni Bani ang gumawa ng kasunod na bahagi. Ang sumunod na bahagi ay ginawa ni Hashabias, pinuno ng kalahating distrito ng Keila.

18Ang anak ni Henadad na si Bavai, pinuno ng kalahating distrito ng Keila ang siya namang gumawa ng kasunod na bahagi.

19Ang gumawa naman ng kasunod na bahagi ay ang anak ni Jeshua na si Ezer, pinuno ng Mizpa. Siya ang gumawa ng bahaging paakyat hanggang sa tapat ng taguan ng mga sandata.

20Ang anak ni Zabai na si Baruc ang gumawa ng kasunod na bahagi, mula sa taguan ng mga sandata hanggang sa pintuan ng bahay ni Eliasib na pinakapunong pari.

21Ang kasunod na bahagi ay ginawa ng anak ni Urias at apo ni Hakoz na si Meremot. Ito'y umabot hanggang sa dulo ng bahay ni Eliasib.

### Ang mga Paring Nagtayo ng Pader

22Ang mga sumusunod na pari ay nagtayo rin ng mga kasunod na bahagi ng pader: Ang mga pari sa paligid ng Jerusalem ang gumawa ng kasunod na bahagi.

23Sina Benjamin at Hasub ang nag-ayos ng kasunod na bahagi na nasa harapan ng kanilang mga bahay. Si Azarias na anak ni Maaseias at apo ni Ananias ang gumawa ng kasunod na bahagi sa tapat ng kanyang bahay.

24Mula dito hanggang sa sulok ng pader ang nag-ayos naman ay si Binui na anak ni Henadad.

25-26Ang kasunod na bahagi ng pader ay ginawa ni Palal na anak ni Uzai. Ito'y mula sa sulok ng pader at ng tore sa itaas ng palasyo, malapit sa bulwagan ng mga bantay. Ang kasunod na bahagi naman ay ginawa ni Pedaia na anak ni Paros. Ito'y pasilangan hanggang sa tabi ng Pintuang Tubig at ng toreng nagsisilbing bantay sa Templo. Malapit ito sa Ofel na tirahan ng mga manggagawa sa Templo.

### Ang Iba pang mga Manggagawa

27Ang mga taga-Tekoa naman ang nag-ayos ng bahagi mula sa toreng nagsisilbing bantay sa Templo hanggang sa Pader ng Ofel.

28Isang pangkat ng mga pari ang nag-ayos ng pader sa pahilaga mula sa Pintuan ng Kabayo. Ginawa ng bawat isa ang bahaging nasa tapat ng kanyang bahay.

29Si Zadok na anak ni Immer ang gumawa ng bahaging nasa tapat ng kanyang tahanan. Ang kasunod nito'y ginawa ng anak ni Secanias na si Semaias, tagapamahala ng Pintuang Silangan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

30 Si Hananias na anak ni Selemias at si Hanun, pang-anim na anak ni Zalaf ang gumawa naman ng kasunod na bahagi. Ito'y pangalawang bahagi na kanilang ginawa. Si Mesulam na anak ni Berequias naman ang nag-ayos ng pader sa tapat ng kanyang bahay.

31 Ang kasunod nito ay ginawa naman ni Malquias na isang platero. Ang ginawa niya'y umabot hanggang sa bahay ng mga katulong sa Templo at ng mga mangangalakal. Ang bahaging ito ay nasa tapat ng Pintuang Bantayan malapit sa silid na nasa itaas ng hilagang-silangang kanto ng pader.

32 Mula naman dito hanggang sa Pintuan ng mga Tupa, ang mga platero at mga mangangalakal ang nag-ayos ng pader.

## Nehemias 4

### Mga Masamang Balak Laban kay Nehemias

1 Nabalitaan ni Sanbalat na aming itinatayong muli ang pader. Nagalit siya at kinutya kaming mga Judio.

2 Sa harapan ng kanyang mga kasama at mga hukbo ng Samaria ay sinabi niya, “Ano kaya ang iniisip ng mga kawawang Judiong ito? Itayong muli ang Jerusalem sa pamamagitan ng pag-aalay ng mga handog at gawin iyon sa loob ng isang araw? Akala ba nila'y magagamit pa nila ang mga nasunog at nadurog na bato roon?”

3 Sa tabi niya'y nagsalita naman si Tobias na Ammonita, “Ano bang klaseng pader ang gagawin ng mga Judiong iyan? Madaanan lamang iyon ng asong-gubat ay tiyak na guguho na!”

4 Sa narinig kong ito, ako ay nanalangin, “Tingnan mo kami O Diyos kung paano kami kinukutya! Mangyari sana sa kanila ang masamang hangad nila laban sa amin. Maubos nawa ang kanilang ari-arian at madala silang bihag sa ibang lupain.

5 Huwag mo silang patawarin at huwag mong kalimutan ang kanilang mga kasalanan, sapagkat hinamak nila kaming mga nagtatrabaho.”

6 Lalo kaming nagpatuloy sa pagtatayo ng pader, kaya't hindi nagtagal at nangalahati na ang taas nito dahil masigasig ang mga tao sa pagtatrabaho.

7 Nang mabalitaan nina Sanbalat, Tobias at ng mga taga-Arabia, Ammon at Asdod na halos mabuo na namin ang pader ng Jerusalem at ang mga butas nito ay natakpan na, lalo silang nagalit.

8 Nagkaisa silang salakayin ang Jerusalem upang kami'y guluhin.

9 Kaya nanalangin kami sa aming Diyos at nagtalaga kami ng mga bantay araw at gabi.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10 Ang mga taga-Juda ay may ganitong awit: “Nanghihina kami sa bigat ng pasan, at sobrang dami ng batong nabuwal. Hindi namin kaya ang hirap na ito na itayo ang pader sa maghapong trabaho.”

11 Akala ng aming mga kaaway ay hindi namin sila makikita at hindi namin alam ang kanilang binabalak na pagsalakay. Iniisip nilang mapupuksa nila kami at mahihinto ang aming gawain.

12 Hindi nila alam na ang mga Judio na nakatirang kasama nila ay laging nagbabalita sa amin ng tungkol sa kanilang masamang balak.

13 Kaya't nagtalaga ako ng mga bantay sa ibaba, sa likod ng pader, at sa mga lugar na hindi pa tapos ang pader. Inilagay ko sila sa gawaing ito ayon sa kani-kanilang angkan. Binigyan ko sila ng iba't ibang sandata gaya ng espada, sibat at pana.

14 Binisita ko ang mga tao at sinabi ko sa mga pinuno at hukom at sa lahat ng naroon, “Huwag kayong matakot sa mga kaaway. Alalahanin nating dakila at kamangha-mangha si Yahweh. Ipagtanggol ninyo ang inyong mga kababayan, ang inyong mga anak, inyong mga asawa at mga tahanan.”

15 Nabalitaan ng mga kaaway na alam natin ang kanilang mga balak, at napag-isip-isip nilang hinahadlangan sila ng Diyos. Kaya ang lahat ay nagpatuloy sa paggawa ng pader.

16 Simula noon, kalahati na lamang ng aking mga tauhan ang gumagawa ng pader at ang kalahati naman ay nagbabantay. Ang mga bantay ay may dalang sibat, kalasag, pana at kasuotang bakal. Ang mga pinuno at mga pangunahing mamamayan ay nagbibigay ng kanilang lubusang tulong

17 sa gumagawa ng pader. Hawak sa isang kamay ng mga nagpapasan ang kanilang dala, at sandata naman ang hawak sa kabilang kamay.

18 Ang mga gumagawa sa pader ay may sariling espada na nakalagay sa kanyang baywang, at nasa tabi ko naman ang isang may hawak na trumpeta.

19 Sinabi ko sa mga pinuno, sa mga hukom at sa mga taong-bayan, “Malaki ang ating gawain at malalayo ang ating pagitan habang tayo'y nagtatrabaho,

20 kaya't tuwing maririnig ninyo ang tunog ng trumpeta, magtipun-tipon tayo sa kinatatayuan ko. Ipaglalaban tayo ng Diyos natin.”

21 At nagpatuloy kami sa pagtatrabaho araw-araw. Ang kalahati ay may dalang sibat mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglabas ng mga bituin.

22 Sinabi ko rin sa mga tao, “Lahat ng lalaki at mga alipin ay kailangang magpalipas ng gabi sa loob ng Jerusalem at maging handa sa anumang pagsalakay kung gabi at sa araw ay magtrabaho naman.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Kaya't ako, ang aking mga kasamahan, mga tauhan, at mga bantay ay laging nakahanda at laging may hawak na sandata.

## Nehemias 5

### Pang-aapi sa Mahihirap

1Dumating ang panahon na ang mga mamamayan, lalaki man o babae, ay nagreklamo laban sa kanilang kapwa Judio.

2Sinabi ng ilan, “Malaki ang aming pamilya at kailangan namin ng trigong makakain upang mabuhay.”

3Sinabi naman ng iba na nakapagsangla sila ng kanilang mga bukirin, ubasan at mga bahay, huwag lamang silang magutom.

4May nagsasabi namang, “Nakapangutang kami makapagbuwis lamang sa hari para sa aming mga bukirin at ubasan.

5Kami'y mga Judio rin at ang mga anak namin ay tulad din ng kanilang mga anak! Ngunit ipinapaalila namin ang aming mga anak. Sa katunayan, ang ilan sa mga anak naming babae ay naipagbili na namin para maging alipin. Wala kaming magawâ sapagkat ang aming mga bukirin at ubasan ay kinamkam na sa amin.”

6Labis akong nagalit nang marinig ko ang mga reklamong ito.

7Nagpasya akong harapin ang mga pinuno at mga hukom. Pinaratangan ko sila ng ganito: “Ano't nagawa ninyong magpautang nang may tubo sa inyong mga kababayan?” Kaya't tinipon ko ang mga tao sa isang pangkalahatang pulong.

8Sinabi ko, “Sinikap nating mapalaya ang ating kapwa-Judio na naipagbili sa ibang bansa. Ngayon nama'y kayo ang nanggigipit sa kanila upang ipagbili ang kanilang sarili sa inyo na mga kapwa nila Judio!” Hindi makapagsalita ang mga pinuno.

9“Mali ang inyong ginagawa,” patuloy ko. “Dapat kayong matakot sa Diyos at gumawa nang mabuti upang hindi tayo hamakin ng mga pagano.

10Ang mga kababayan nating nagigipit ay pinahiram ko na ng salapi at pagkain. Ganoon din ang ginawa ng aking mga kamag-anak at mga tauhan. Huwag na natin silang pagbayarin ng interes ng kanilang pagkakautang.

11Ngayon di'y ibalik ninyo ang mga bukirin at ubasan sa mga may utang sa inyo, pati ang kanilang mga taniman ng olibo, at tahanan. Ibalik din ninyo ang naging interes ng perang ipinahiram ninyo, gayundin ang mga trigo, alak at langis na ipinahiram ninyo sa kanila.”

12“Ibabalik namin ang lahat ng iyon sa kanila,” sagot nila. “Hindi na namin sila sisingilin. Tutuparin namin ang hinihingi mo.” Ipinatawag ko ang mga pari at

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

pinanumpa sa harap nila ang mga pinuno upang tuparin ng mga ito ang kanilang pangako.

13Ipinagpag ko ang aking kasuotan at sinabi ko, “Ganyan nawa ang gawin ng Diyos sa mga ari-arian ng mga taong hindi tumupad sa kanyang pangako. Ipagpag din sana silang tulad nito at maghirap.” Lahat ng naroo'y sumang-ayon at sinabi, “Mangyari nawa ang sinabi ninyo.” Pinuri nila si Yahweh at tinupad ng mga tao ang kanilang pangako.

### Si Nehemias ay Hindi Makasarili

14Sa loob ng labindalawang taon na naglingkod ako bilang gobernador ng Juda, mula nang ika-20 taon ng paghahari ni Artaxerxes hanggang ika-32 taon, ako, ni ang aking mga kamag-anak ay hindi kumain ng pagkaing nauukol sa gobernador.

15Ang mga naunang gobernador sa Juda ay naging pabigat sa mga tao na hinihingan nila ng pagkain at ng alak bukod pa sa apatnapung pirasong pilak. Maging ang mga katulong nila'y katulong din sa pagpapahirap. Ngunit hindi ko ginawa iyon, sapagkat ako'y may takot sa Diyos.

16Ginawa ko ang lahat upang muling maitayo ang pader sa tulong ng aking mga tauhan. Hindi ako naghangad ng anumang ari-arian.

17Ako'y laging nagpapakain ng 150 panauhing Judio, gayundin ng aming mga pinuno bukod sa mga taong dumarating mula sa mga malalapit na bansa.

18Araw-araw ay nagpapakatay ako ng isang toro, anim na matatabang tupa, at maraming manok at tuwing ikasampung araw ay naglalabas ako ng maraming alak. Sa kabila ng lahat ng ito, hindi ko pa rin kinuha ang pagkaing nauukol sa gobernador, sapagkat alam kong ang mga tao'y naghihirap.

19Alalahanin mo ako, O Diyos, sa lahat ng aking ginawa alang-alang sa sambayanang ito.

## Nehemias 6

### Masamang Balak kay Nehemias

1Nabalitaan nina Sanbalat, Tobias at ni Gesem na taga-Arabia, pati ng iba naming mga kaaway, na naitayo ko na ang pader at wala na itong butas bagaman hindi ko pa nailalagay ang mga pinto nito.

2Inanyayahan ako nina Sanbalat at Gesem na makipag-usap sa kanila sa isang nayon sa Kapatagan ng Ono. Alam kong may masama silang balak sa akin.

3Kaya't nagpadala ako ng mga sugo para sabihin sa kanila, “Mahalaga ang aking ginagawa rito kaya hindi ako makakapunta riyan. Hindi ko maaaring ipatigil ang trabaho rito para makipagkita lamang sa inyo.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Apat na beses nila akong inanyayahan at apat na beses ko rin silang tinanggihan.

5Sa ikalimang pagkakataon ay inanyayahan akong muli ni Sanbalat sa pamamagitan ng isang bukás na liham na

6ganito ang mensahe: “Balitang-balita sa iba't ibang bansa at pinapatunayan ni Gesem na ikaw at ang mga Judio ay nagbabalak maghimagsik, kaya itinatayo mong muli ang pader. May balita pang gusto mong maging hari.

7Sinasabi pang may mga propeta kang inutusan upang ipahayag sa Jerusalem na ikaw na ang hari ng Juda. Tiyak na alam na ito ng hari, kaya pumarito ka agad at pag-usapan natin ang bagay na ito.”

8Ito naman ang sagot ko, “Walang katotohanan ang mga pinagsasasabi mo. Gawa-gawa mo lamang ang mga iyan.”

9Tinatakot nila kami upang itigil ang gawain. Nanalangin ako, “O Diyos, palakasin po ninyo ako.”

10Minsan ay dinalaw ko si Semaya na anak ni Delaias at apo ni Mehetabel, sapagkat hindi siya makaalis sa kanyang bahay. Sinabi niya sa akin, “Halika. Pumunta tayo doon sa Templo, sa tahanan ng Diyos, at doon ka magtago. Sapagkat anumang oras ngayong gabi ay papatayin ka nila.”

11Ngunit sumagot ako, “Hindi ako ang lalaking tumatakbo o nagtatago! Akala mo ba'y magtatago ako sa Templo para iligtas ang aking sarili? Hindi ko gagawin iyon.”

12Napag-isip-isip kong hindi isinugo ng Diyos si Semaya. Binayaran lamang siya nina Sanbalat at Tobias upang ako'y bigyan niya ng babala.

13Sinuhulan lamang nila siya upang takutin ako at itulak sa pagkakasala. Sa ganoong paraan, masisira nila ang aking pangalan at ilagay ako sa kahihiyan.

14Nanalangin ako, “O Diyos, parusahan po ninyo sina Tobias at Sanbalat sa ginawa nila sa akin. Gayundin po ang gawin ninyo kay Noadias, ang babaing propeta at iba pang mga propeta na nagtangkang takutin ako.”

**Natapos ang Trabaho**

15Pagkaraan ng limampu't dalawang araw na paggawa, natapos ang pader noong ikadalawampu't limang araw ng ikaanim na buwan.

16Nang mabalitaan ng aming mga kaaway sa mga bansang nakapaligid na tapos na ang aming trabaho, napahiya sila at napag-isip-isip nilang ito'y nagawa namin dahil sa tulong ng aming Diyos.

17Nang panahong iyon, nagsusulatan sina Tobias at ang mga pinuno sa Juda.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[18]Maraming taga-Juda ang pumanig sa kanya sapagkat siya'y manugang ng Judiong si Secanias na anak ni Arah. Bukod dito, napangasawa ng anak niyang si Jehohanan ang anak na dalaga ni Mesulam na anak ni Berequias.

[19]Sa harapan ko'y lagi nilang pinupuri ang ginawa ni Tobias at lagi nilang ibinabalita sa kanya ang aking sinasabi. At patuloy siyang nagpapadala ng sulat sa akin upang ako'y takutin.

## Nehemias 7

### Naglagay ng mga Pinuno sa Jerusalem

[1]Natapos ang pader ng lunsod at naikabit na ang mga pintuan nito. May itinalaga na ring mga bantay, mga mang-aawit, at mga Levita.

[2]Pagkatapos nito, ang Jerusalem ay inilagay ko sa pamamahala ng dalawang kalalakihan, si Hanani na aking kapatid at si Hananias na pinuno ng mga bantay sa kuta. Si Hananias ay mapagkakatiwalaan at malaki ang takot sa Diyos kaysa iba.

[3]Iniutos kong ang mga pintuan ng Jerusalem ay bubuksan lamang kapag mataas na ang araw, isasara at ikakandado agad paglubog ng araw bago magpahinga ang mga bantay. Iniutos ko ring maglagay sila ng mga bantay-pintuan na taga-Jerusalem. Itinalaga nila ang ilan sa mga ito sa mga bantayan at ang iba nama'y sa malapit sa kani-kanilang bahay.

### Ang Listahan ng mga Bumalik Mula sa Pagkabihag

(Ez. 2:1-70)

[4]Bagama't malaki ang lunsod ng Jerusalem, kakaunti pa lamang ang mga tao dito at hindi pa nagagawang lahat ang mga bahay.

[5]Pinangunahan ako ng Diyos upang tipunin ang mga tao at ang kanilang mga pinuno at mga hukom para suriin ang listahan ng kanilang mga angkan. Natagpuan ko ang listahan ng mga angkan na unang nagbalik mula sa pagkabihag sa Babilonia.

[6]Ito ang mga Judiong nabihag ni Haring Nebucadnezar ng Babilonia at muling nakabalik sa Jerusalem at sa kani-kanilang bayan sa Juda:

[7]Ang mga pinuno nila ay sina Zerubabel, Josue, Nehemias, Azarias, Raamias, Nahamani, Mordecai, Bilsan, Misperet, Bigvai, Nehum at Baana.

[8-25]Ito ang listahan ng mga angkan ng Israel at ng bilang ng bawat angkan na bumalik mula sa pagkabihag:

| Angkan | Bilang |
|---|---|
| Paros | 2,172 |
| Sefatias | 372 |

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

| | |
|---|---|
| Arah | 652 |
| Pahat-moab na mula sa angkan ni Jeshua at Joab | 2,818 |
| Elam | 1,254 |
| Zatu | 845 |
| Zacai | 760 |
| Binui | 648 |
| Bebai | 628 |
| Azgad | 2,322 |
| Adonikam | 667 |
| Bigvai | 2,067 |
| Adin | 655 |
| Ater na tinatawag ding Hezekias | 98 |
| Hasum | 328 |
| Bezai | 324 |
| Harif | 112 |
| Gibeon | 95 |

26-38 Ito naman ang listahan ng mga bumalik ayon sa bayang pinagmulan ng kanilang mga ninuno:

| Bayan | Bilang |
|---|---|
| Bethlehem at Netofa | 188 |
| Anatot | 128 |
| Beth-azmavet | 42 |
| Jearim, Quefira, at Beerot | 743 |
| Rama at Geba | 621 |
| Micmas | 122 |
| Bethel at Ai | 123 |
| Nebo | 52 |

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

| | |
|---|---|
| Elam | 1,254 |
| Harim | 320 |
| Jerico | 345 |
| Lod, Hadid at Ono | 721 |
| Senaa | 3,930 |

39-42 Ito ang listahan ng mga angkan ng mga pari na nagbalik mula sa pagkabihag: angkan ni Jedaias mula sa lipi ni Jeshua, 973; angkan ni Imer, 1,052; angkan ni Pashur, 1,247; angkan ni Harim, 1,017.

43 Ito ang listahan ng mga angkan ng mga Levita na nagbalik mula sa pagkabihag: angkan nina Jeshua at Kadmiel mula sa lipi ni Hodavias, 74.

44 Mga mang-aawit sa Templo: angkan ni Asaf, 148.

45 Mga bantay sa Templo: angkan nina Sallum, Ater, Talmon, Akub, Hatita at Sobai, 138.

46-56 Ito naman ang listahan ng mga angkan ng mga manggagawa sa Templo na nagbalik mula sa pagkabihag: Ziha, Hasufa, Tabaot, Keros, Sia, Padon, Lebana, Hagaba, Salmai, Hanan, Gidel, Gahar, Reaias, Rezin, Nekoda, Gazam, Uza, Pasea, Besai, Meunim, Nefusesim, Bakbuk, Hakufa, Harhur, Bazlit, Mehida, Harsa, Barkos, Sisera, Tema, Nezias at Hatifa.

57-59 Ito ang listahan ng angkan ng mga lingkod ni Solomon na bumalik mula sa pagkabihag: mga angkan nina Sotai, Soferet, Perida, Jaala, Darkon, Gidel, Sefatias, Hatil, Poqueret-hazebaim at Ammon.

60 Ang kabuuang bilang ng mga nakabalik na mga manggagawa sa Templo na mga anak ng mga lingkod ni Solomon ay 392.

61-62 Ito naman ang mga nakabalik mula sa Tel-mela, Tel-harsa, Querub, Adon at Imer ngunit hindi nila napatunayang sila'y mga Israelita: mga angkan nina Delaias, Tobias at Nekoda, 642.

63 Ito naman ang mga nakabalik sa mga angkan ng pari, ngunit hindi nila napatunayan ang pinagmulan nilang angkan: angkan nina Hobaias, Hakoz at Barzilai. Ang ninuno ng mga paring mula sa angkan ni Barzilai ay napangasawa ng anak na babae ni Barzilai na taga-Gilead, at siya ay tinawag sa pangalan ng kanyang biyenan.

64 Hinanap nila ang kanilang angkan sa listahan ng mga angkan ngunit hindi nakita, kaya sila'y hindi kinilalang mga pari.

65 Pinagbawalan sila ng gobernador na kumain ng pagkaing inialay sa Diyos, hanggang wala pang paring gumagamit ng Urim at Tumim.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[66]Ang kabuuan ng mga bihag na nakabalik ay 42,360.

[67]Ang mga aliping lalaki at babae ay 7,337 at ang mga mang-aawit na babae at lalaki ay 245.

[68-69]May naibalik ding 736 na kabayo, 245 mola, 435 kamelyo at 6,720 asno.

[70-72]Ilan sa mga pinuno ng mga angkan ang nagbigay ng ambag para ipagawang muli ang templo. Ang gobernador ay nagbigay ng walong kilong ginto, limampung mangkok na pilak na ginagamit sa pagsamba at 530 kasuotan ng mga pari. May iba pang mga pinuno ng angkan na nagbigay ng 168 kilong ginto at 1,250 kilong pilak. Ang kabuuang ipinagkaloob ng iba pang mga tao ay 168 kilong ginto, 140 kilong pilak at 67 na kasuotan ng mga pari.

[73]Ang mga pari, mga Levita, mga bantay ng Templo, mga mang-aawit, mga lingkod sa Templo at lahat ng Israelita ay tumira sa mga bayan at lunsod ng Juda.

## Nehemias 8

### Binasa ni Ezra ang Kautusan

[1]Sumapit ang ikapitong buwan ng taon at ang mga Israelita'y nakabalik na sa kani-kanilang bayan. Nagtipun-tipon silang lahat sa Jerusalem, sa liwasang-bayan sa harapan ng Pintuan ng Tubig. Hiniling nila kay Ezra na pari at dalubhasa sa Kautusan na kunin nito ang aklat ng Kautusan ni Moises na ibinigay ni Yahweh para sa Israel.

[2]Kaya't nang unang araw ng ikapitong buwan, kinuha ni Ezra ang aklat. Dinala niya ito sa kapulungang binubuo ng mga lalaki, babae at mga batang may sapat nang gulang at pang-unawa.

[3]Mula sa pagsikat ng araw hanggang sa katanghaliang-tapat, binasa niya ang Kautusan sa harap ng mga taong natitipon sa liwasang-bayan sa harap ng Pintuan ng Tubig. Ang lahat ay nakikinig nang mabuti.

[4]Nakatayo si Ezra, ang tagapagturo ng Kautusan, sa isang entabladong kahoy na sadyang ginawa para sa pagkakataong iyon. Sa kanan niya'y nakatayo sina Matitias, Sema, Anaya, Urias, Hilkias at Maaseias. Sa gawing kaliwa nama'y naroon sina Pedaias, Misael, Malquias, Hasum, Hasbadana, Zacarias at Mesulam.

[5]Si Ezra ay nakikita ng lahat sapagkat mataas ang kanyang kinatatayuan. Ang lahat ay tumayo nang buksan niya ang aklat.

[6]"Purihin si Yahweh, ang dakilang Diyos!" sabi ni Ezra. Itinaas naman ng mga tao ang kanilang mga kamay at sumagot, "Amen, Amen." Nagsiyuko rin sila at sumamba kay Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[7]Pagkatapos, tumayo ang mga tao, at ang Kautusa'y ipinaliwanag sa kanila ng mga Levitang sina Jeshua, Bani, Serebias, Jamin, Akub, Sabetai, Hodias, Maaseias, Kelita, Azarias, Jozabad, Hanan at Pelaias.

[8]Binasa nila ang Kautusan ng Diyos at isinalin ito sa kanilang wika at ipinaliwanag ito upang maunawaan ng mga tao.

[9]Nang malaman ng mga tao ang dapat nilang gawin ayon sa Kautusan, nabagbag ang kanilang kalooban at sila'y umiyak. “Ang araw na ito ay banal para kay Yahweh na inyong Diyos, kaya't huwag kayong malungkot o umiyak,” wika ni Nehemias na gobernador, ni Ezra na pari at dalubhasa sa Kautusan, at ng mga Levita na nagpapaliwanag ng Kautusan. Sinabi nila sa mga tao,

[10]“Umuwi na kayo at magdiwang, kumain kayo at uminom ng bagong alak! Bigyan ninyo ang mga walang pagkain at inumin sapagkat ang araw na ito ay banal para kay Yahweh, kaya huwag kayong malungkot. Ang kagalakang dulot ni Yahweh ang magpapalakas sa inyo.”

[11]Ang mga taong-bayan ay pinayapa ng mga Levita. Sinabi nila sa mga ito, “Huwag kayong malungkot, sapagkat banal ang araw na ito.”

[12]Umuwing masaya ang lahat upang magdiwang. Kumain sila at uminom at binahaginan naman ang mga walang pagkain at inumin sapagkat naunawaan nila ang ipinaliwanag sa kanila.

**Ipinagdiwang ang Pista ng mga Tolda**

[13]Nang sumunod na araw, nagtipon sa harapan ni Ezra ang mga pinuno ng mga angkan kasama ang mga pari at mga Levita upang pag-aralan ang mga turo ng Kautusan.

[14]Natuklasan nila sa Kautusan na nagbigay si Yahweh ng utos kay Moises tungkol sa Pista ng mga Tolda. Sinabi sa utos na dapat silang tumira ng pansamantala sa mga kubol sa kapistahang iyon.

[15]Kaya't nagpalabas sila ng utos para sa mga taga-Jerusalem at iba pang mga lunsod at bayan: “Lumabas kayo sa mga burol at pumutol ng mga sanga ng punong olibo, ligaw man o hindi, mirto, palma at iba pang punongkahoy na maraming dahon upang gawing mga kubol.”

[16]Sinunod nga nila ang utos. Gumawa sila ng kubol sa kani-kanilang bubungan at bakuran, at sa palibot ng Templo. Gumawa rin sila ng mga kubol sa liwasan sa pagpasok sa Pintuan ng Tubig at sa Pintuan ni Efraim.

[17]Ang lahat ng bumalik mula sa pagkabihag ay gumawa ng kanya-kanyang kubol at doon sila tumira. Iyon ang unang pagkakataon na ginawa ito ng mga Israelita mula noong panahon ni Josue na anak ni Nun. Masayang-masaya ang lahat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[18]Ang Aklat ng Kautusan ay binabasa araw-araw, mula sa unang araw hanggang katapusan. Pitong araw silang nagpista at sa ikawalong araw ay nagkaroon sila ng isang banal na pagtitipon bilang pagtatapos ayon sa itinatakda ng Kautusan.

## Nehemias 9

### Ipinahayag ni Ezra ang Kasalanan ng Israel

[1]Noong ika-24 na araw ng buwan ding iyon, nagtipon ang mga Israelita upang mag-ayuno. Nagsuot sila ng damit-panluksa at naglagay ng abo sa kanilang ulo upang ipahayag ang pagsisisi sa kanilang mga kasalanan.

[2]Lumayo sila sa mga dayuhan. Tumayo sila upang ipahayag ang kanilang mga kasalanan at ng kanilang mga ninuno.

[3]Nanatili silang nakatayo sa kanilang kinaroroonan sa loob ng tatlong oras samantalang binabasa sa kanila ang Kautusan ni Yahweh na kanilang Diyos. Pagkatapos, tatlong oras din silang nagpahayag ng kanilang mga kasalanan at sumamba kay Yahweh na kanilang Diyos.

[4]Noo'y nasa isang entablado ang mga Levitang sina Jeshua, Bani, Kadmiel, Sebanias, Buni, Serebias, Bani at Kenani at nananalangin nang malakas kay Yahweh na kanilang Diyos.

[5]Sina Jeshua, Kadmiel, Bani, Hasabneias, Serebias, Hodias, Sebanias at Petahias ay nanawagan sa mga tao upang sumamba. Sabi nila: “Tumayo tayo at purihin ang Diyos nating si Yahweh. Purihin siya ngayon at magpakailanman! Purihin ang kanyang dakilang pangalan, na higit na dakila sa lahat ng papuri!”

### Pagpapahayag ng Kasalanan

[6]At ang lahat ay sama-samang nanalangin ng ganito: “Yahweh, ikaw lamang ang Panginoon; ikaw ang lumikha ng kalangitan at ginawa mo ang lupa, ang langit ng mga langit, ang lahat ng bituin doon, at lahat ng narito; ang dagat at ang lahat ng naroroon. Binibigyang buhay mo sila, at ika'y sinasamba ng buong kalangitan.

[7]Ikaw, Yahweh, ang Diyos na pumili kay Abram. Ikaw ang tumawag sa kanya mula sa bayan ng Ur, sa Caldea at pinangalanan mo siyang Abraham.

[8]Nakita mo siyang tapat sa inyo at gumawa ka ng kasunduan sa kanya. Ipinangako mo sa kanya at sa kanyang magiging mga anak na ibibigay sa kanila ang lupain ng mga Cananeo, ng mga Heteo, Amoreo, Perezeo, Jebuseo at Gergeseo. Tinupad mo ang iyong pangako sa kanila sapagkat ikaw ay tunay na matapat.

[9]“Nakita mo ang paghihirap ng aming mga ninuno sa Egipto. Narinig mo ang pagtangis nila sa Dagat na Pula.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10 Gumawa ka ng mga himala at mga bagay na kamangha-mangha laban sa Faraon, laban sa kanyang mga lingkod at sa mga mamamayan ng kanyang lupain, sapagkat alam mong pinagmalupitan nila ang aming mga ninuno. Ang pangalan mo'y tanyag magpahanggang ngayon.

11 Sa kanilang harapa'y hinati mo ang dagat, at sa gitna nito'y dumaan sila sa tuyong lupa. Ang mga humabol sa kanila'y nilunod mong lahat, parang mga batong lumubog sa nagngangalit na dagat.

12 Pinatnubayan mo sila ng haliging ulap kung araw, at haliging apoy kung gabi, upang matanglawan ang kanilang paglalakbay.

13 Mula sa langit ay bumabâ ka sa Bundok Sinai at kinausap mo ang iyong bayan. Binigyan mo sila ng mga tuntuning makatarungan, mga batas na maaasahan at mabubuting kautusan.

14 Itinuro mo sa kanilang ipangilin ang Araw ng Pamamahinga at ibinigay mo sa kanila ang iyong Kautusan sa pamamagitan ni Moises na iyong lingkod.

15 “Nang sila'y magutom, binigyan mo sila ng pagkaing mula sa langit; at nang sila'y mauhaw, pinainom mo ng tubig mula sa bato. At sa kanila'y sinabi mo na sakupin ang lupaing sa kanila'y ipinangako mong ibigay.

16 Ngunit naging palalo ang aming mga ninuno, nagmatigas sila at sinuway ang mga utos mo.

17 Hindi sila sumunod at nilimot ang mga himalang iyong ginawa para sa kanila. Naging matigas ang kanilang ulo at naglagay ng pinuno na mangunguna sa kanila pabalik sa pagkaalipin sa Egipto. Ngunit ikaw ay Diyos na mapagpatawad at mahabagin, hindi madaling magalit at sagana sa wagas na pag-ibig, kaya't sila'y hindi mo itinakwil.

18 Gumawa rin sila ng diyus-diyosang guya, at sinabing iyon ang diyos na naglabas sa kanila mula sa Egipto. Labis ka nilang nilapastangan!

19 Ngunit hindi mo pa rin sila pinabayaan sa ilang, sapagkat walang kapantay ang iyong kahabagan. Hindi mo inalis ang haliging ulap na patnubay nila sa paglalakbay sa araw at ang haliging apoy na tumatanglaw sa kanila pagsapit ng dilim.

20 Pinatnubayan mo sila ng iyong Espiritu, upang turuan sila ng dapat nilang gawin. Patuloy mo silang pinakain ng manna, at binigyan ng tubig na pamatid uhaw.

21 Apatnapung taon mo silang kinalinga sa ilang, kaya't sa anuman ay hindi sila nagkulang. Hindi nasira ang kanilang mga kasuotan, ni namaga man ang kanilang mga paa sa paglalakad.

22 “Pinasakop mo sa kanila ang mga kaharian at bayan, ang lupaing sakop ni Haring Sihon ng Hesbon at ang lupain ni Haring Og ng Bashan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

23 Pinarami mo ang kanilang mga anak tulad ng mga bituin sa langit. Dinala mo sila sa lupain na ipinangakong sasakupin ng kanilang mga ninuno.

24 Pinasok nga nila at sinakop ang lupain ng Canaan, sa harap nila'y tinalo ang mga Cananeong naninirahan doon. Ibinigay ninyo sa kanila ang kanilang mga hari at ang lahat ng mamamayan sa lupain upang sa kanila'y gawin ang anumang naisin.

25 Pinasok nila at sinakop ang mga may pader na lunsod. Nakuha nila ang matataba nilang lupain, at sinamsam ang kanilang mga ari-arian: mga bahay na puno ng kayamanan, mga balon, mga ubasan, taniman ng olibo at mga bungangkahoy. Sagana sila sa pagkain at lumusog ang kanilang katawan, at tuwang-tuwa sila sa iyong dakilang kabutihan.

26 “Ngunit kinalaban ka pa rin nila, at tinalikuran nila ang iyong Kautusan. Pinatay nila ang iyong mga propeta na isinugo mo upang sila'y panumbalikin sa iyo. Patuloy ka nilang hinahamak.

27 Dahil sa ginawa nila, pinabayaan mong sakupin sila ng kanilang mga kaaway, ipinaalipin mo sila at pinahirapan. Ngunit nang sila'y tumawag sa iyo, pinakinggan mo pa rin sila mula sa langit. Sa habag mo sa kanila, binigyan mo sila ng mga pinunong sa kanila'y magliligtas.

28 Ngunit nang ang buhay nila'y naging matiwasay, muli silang nagkasala laban sa iyo, kaya't pinababayaan mo silang muling matalo ng kaaway. Ngunit kapag sila'y muling nagsisi at humingi ng tulong, pinapakinggan mo sila mula sa langit at paulit-ulit mo silang inililigtas sapagkat ikaw ay mahabagin.

29 Binabalaan mo silang manumbalik sa iyong Kautusan, ngunit sa kanilang kapalalua'y lalo nilang nilabag ito. Kahit na ang Kautusan mo ay nagbibigay-buhay, sa katigasan ng kanilang ulo'y sinuway nila iyon.

30 Maraming taon na pinagtiisan mo sila, at binalaan ng iyong Espiritu sa pamamagitan ng mga propeta, ngunit hindi pa rin sila nakinig. Kaya't ipinasakop mo na naman sila sa mga dayuhan.

31 Ngunit dahil sa iyong labis na kahahabagan, hindi mo rin sila ganap na nilipol at itinakwil. Ikaw ay mapagpatawad at mahabaging Diyos!

32 “O aming Diyos, napakadakila mong Diyos, kakila-kilabot ang iyong kapangyarihan. Tumutupad ka sa iyong kasunduan at mga pangako. Mula pa nang kami'y sakupin ng mga hari ng Asiria, hanggang ngayo'y labis ang aming paghihirap. Naghirap ang aming mga hari at pinuno, mga pari, mga propeta, at ang mga ninuno. Ang iyong buong bayan ay dumanas ng kahirapan, kaya't alalahanin mo ang aming pagdurusa.

33 Makatuwiran ka sa iyong pagpaparusa sa amin; naging tapat ka sa kabila ng aming pagkakasala.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

34Ang aming mga ninuno, hari, pinuno at pari ay hindi sumunod sa iyong Kautusan. Sinuway nila ang iyong mga utos at babala.

35Sa gitna ng kasaganaang kanilang tinatamasa, sa ilalim ng mabuting pamamahala ng kanilang mga hari, sa kabila ng malalawak at matatabang lupaing kanilang minana, hindi pa rin sila naglingkod sa iyo at nagsisi sa kanilang mga kasalanan.

36Ngayon, sa lupaing ito na iyong ipinamana, sa lupaing ito na ang pagkain ay sagana, kami'y busabos at alipin.

37Ang dahilan ay ang aming pagkakasala, kaya ang nagpapasasa sa ani ng bukid ay ang mga haring sa ami'y lumupig. Nasusunod nila anumang gustuhin, pati mga kawan nami'y inaangkin. O sukdulan na itong hirap namin!"

**Pangakong Susundin ang Kautusan**

38Dahil dito, kaming sambayanang Israel ay gumawa ng isang kasulatan ng sinumpaang kasunduan. Ito'y lubos na sinang-ayunan at nilagdaan ng aming mga pinuno, mga Levita at mga pari.

## Nehemias 10

1-8Ang unang lumagda sa kasunduan ay ang anak ni Hacalias na si Nehemias, ang gobernador. Pagkatapos ay si Zedekias at ang mga paring sina: Seraias, Azarias, Jeremias, Pashur, Amarias, Malquijas, Hatus, Sebanias, Maluc, Harim, Meremot, Obadias, Daniel, Gineton, Baruc, Mesulam, Abijas, Mijamin, Maazias, Bilga at Semaias.

9-13Sumunod ang mga Levitang sina: Jeshua na anak ni Azanias, Binui na mula sa angkan ni Henadad, at sina Kadmiel, Sebanias, Hodias, Kelita, Pelaias, Hanan, Mica, Rehob, Hashabias, Zacur, Serebias, Sebanias, Hodias, Bani at Beninu.

14-27Mula naman sa mga pinuno ng bayan, ang lumagda sina: Paros, Pahat-moab, Elam, Zatu, Bani, Buni, Azgad, Bebai, Adonijas, Bigvai, Adin, Ater, Hezekias, Azur, Hodias, Hasum, Bezai, Harif, Anatot, Nebai, Magpias, Mesulam, Hezir, Mesezabel, Zadok, Jadua, Pelatias, Hanan, Anaias, Hosea, Hananias, Hasub, Halohesh, Pilha, Sobek, Rehum, Hasabna, Maaseias, Ahias, Hanan, Anan, Maluc, Harim at Baana.

**Ang Kasunduan**

28Kami, ang sambayanang Israel, ang mga pari, mga Levita, mga bantay-pintuan, mga mang-aawit at mga manggagawa sa Templo, at ang lahat ng iba pang lumayo sa mga dayuhang naninirahan sa aming lupain bilang pagsunod sa Kautusan ng Diyos, pati ang aming mga asawa at ang aming mga anak na lalaki at babae na pawang may sapat nang pag-iisip

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

29ay nanunumpa kasama ng aming mga pinuno at nangangakong tutuparin ang buong Kautusan na ibinigay ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang lingkod na si Moises. Susundin namin ang lahat ng tuntunin at utos ng Diyos naming si Yahweh.

30Hindi namin papayagang mag-asawa ang aming mga anak sa mga dayuhang naninirahan sa aming lupain.

31Kung sila'y magtinda ng trigo o anumang paninda sa Araw ng Pamamahinga, hindi kami bibili sa kanila. Tuwing ika-7 taon, hindi namin tatamnan ang mga bukirin at hindi na namin sisingilin ang mga may utang sa amin.

32Taun-taon, magbibigay ang bawat isa sa amin ng halos apat na gramong pilak upang makatulong sa gastusin para sa Templo.

33Magkakaloob kami ng mga sumusunod para sa serbisyo ng pagsamba doon sa Templo: tinapay na handog, pang-araw-araw na handog na pagkaing butil, mga handog na susunugin bilang handog araw-araw, handog sa Araw ng Pamamahinga, Pista ng Bagong Buwan at iba pang kapistahan, iba pang handog, ang mga handog para sa kapatawaran ng kasalanan ng Israel, at iba pang kailangan sa Templo.

34Kaming lahat ay magpapalabunutan taun-taon, ang mga pari, mga Levita at mga mamamayan, para malaman kung aling angkan ang magdadala ng kahoy na panggatong sa mga handog sa altar ni Yahweh na ating Diyos ayon sa itinatakda ng Kautusan.

35Taun-taon ay dadalhin din namin sa Templo ni Yahweh ang unang ani ng bukirin at ang unang bunga ng mga punongkahoy.

36Dadalhin din namin sa mga pari na maglilingkod sa Templo ang mga panganay naming anak na lalaki upang ilaan sa paglilingkod sa Diyos; gayundin ang panganay na anak ng baka, tupa at kambing para naman ihandog ayon sa itinatakda ng Kautusan.

37Magdadala rin kami taun-taon ng minasang harina mula sa unang ani ng trigo at iba naming mga handog na alak, langis ng olibo at lahat ng uri ng bungangkahoy. Magbibigay rin kami sa mga Levita ng ikasampung bahagi ng mga inani sa aming bukirin. Ang mga Levitang ito ang naglilikom ng mga ikasampung bahagi at magdadala ng mga ito sa Templo.

38Sasamahan ng mga pari mula sa angkan ni Aaron ang mga Levitang tagapaglikom ng ikasampung bahagi. Ang ikasampung bahagi nito ay dadalhin nila sa kabang-yaman ng Templo para gamitin doon.

39Ang mga Israelita at ang mga Levita ang magdadala ng mga naipong trigo, alak at langis para itago sa mga bodega ng mga kagamitan sa Templo. Dito

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

nakatira ang mga paring naglilingkod, ang mga bantay-pintuan at ang mga mang-aawit. Hindi namin pababayaan ang Templo ng aming Diyos.

## Nehemias 11

### Ang mga Nanirahan sa Jerusalem

[1]Ang mga pinuno ng bayan ay tumira sa Jerusalem at ang iba nama'y nagpalabunutan upang sa bawat sampung pamilya ay kumuha ng isang titira sa banal na lunsod. Ang siyam naman ay nanirahan sa iba't ibang bayan ng Juda.

[2]Pinupuri ng mga tao ang sinumang kusang-loob na tumira sa Jerusalem.

[3]Ang ibang mga Israelita, mga pari, mga Levita, mga tagapaglingkod sa templo at ang mga angkan ng mga lingkod ni Solomon ay sa iba't ibang bayan tumira, sa kani-kanilang lupain. Narito ang mga pangunahing mamamayan ng Juda na nanirahan sa Jerusalem:

[4]Mula sa lipi ni Juda: si Ataias na anak ni Uzias at apo ni Zacarias. Kabilang sa kanyang mga ninuno sina Amarias, Sefatias, at Mahalalel na pawang mula sa angkan ni Peres na anak ni Juda.

[5]Si Maaseias na anak ni Baruc at apo ni Colhoze. Kabilang sa kanyang mga ninuno sina Hazaias, Adaias, Joiarib at Zacarias mula sa angkan ni Sela.

[6]Ang kabuuan ng magigiting na lalaki mula sa angkan ni Peres ay 468.

[7]Mula sa lipi ni Benjamin: sina Salu na anak ni Mesulam at apo ni Joed. Ang iba pa niyang ninuno ay sina Pedaias, Kolaias, Maaseias, Itiel at Jesaias.

[8]Sina Gabai at Salai ay malapit na kamag-anak ni Salu. Lahat-lahat ay 928 Benjaminita.

[9]Ang pinuno nila ay si Joel na anak ni Zicri at ang kanang kamay nito ay si Juda na anak ni Hesenua.

[10]Sa mga pari naman ay kabilang ang mga sumusunod: si Jedaias na anak ni Joiarib, si Jaquin,

[11]si Seraias na anak ni Hilkias at apo ni Mesulam. Kabilang din sa kanyang mga ninuno sina Zadok na anak ni Meraiot at si Ahitub na pinakapunong pari.

[12]Ang kabuuan ng angkan niyang naglingkod sa Templo ay 822. Kabilang din sina Adaias na anak ni Jeroham at apo ni Pelalias. Ang kasama sa mga ninuno niya ay sina Amzi, Zacarias, Pashur at Malquijas.

[13]Ang kabuuang bilang ng mga pangulo ng sambahayan sa kanyang angkan ay 242. Kasama rin sa tumira sa Jerusalem si Amasai na anak ni Azarel at apo ni Azai. Ang kasamang ninuno niya ay sina Mesilemot at Imer.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Ang kabuuang bilang ng mga bahagi ng angkang ito na magigiting na mga kawal ay 128. Ang kanilang pinuno ay si Zabdiel na mula sa isang kilalang pamilya.

15Mula sa mga Levita: si Semaias na anak ni Hasub at apo ni Azrikam. Kabilang sa kanyang mga ninuno sina Hashabias at Buni.

16Sina Sabetai at Jozabad, mga kilalang Levita ang namahala sa mga gawain sa labas ng Templo.

17Kasama rin nila si Matanias na anak ni Mica at apo ni Zabdi, mula sa angkan ni Asaf. Siya ang tagapanguna sa korong umaawit ng panalangin ng pasasalamat. Kasama rin niya si Bakbukuias na naging lingkod ni Matanias. Si Abda na anak ni Samua at apo ni Galal na mula sa angkan ni Jeduthun.

18Ang kabuuan ng mga Levita sa banal na lunsod ng Jerusalem ay 284.

19Ang mga bantay sa Templo: sina Akub at Talmon kasama ang kanilang mga kamag-anak ay 172 lahat.

20Ang iba pang mga Israelita, mga pari at Levita ay nanirahan sa ibang bayan ng Juda, sa kani-kanilang mga lupaing minana.

21Ang lahat namang manggagawa sa Templo sa ilalim ng pamamahala nina Ziha at Gispa ay doon naman tumira sa Ofel.

22Ang namahala sa mga Levitang nasa Jerusalem ay si Uzi, anak ni Bani at apo ni Hashabias. Kasama sa kanyang mga ninuno sina Matanias at Mica at siya mismo ay mula sa angkan ni Asaf, ang angkan na namamahala sa mga awitin sa loob ng Templo ni Yahweh.

23Ang mga mang-aawit ay may kanya-kanyang araw ng paglilingkod, ayon sa mga tuntuning itinakda ng hari.

24Si Petahias na anak ni Mesezabel mula sa angkan ni Zera sa lipi ni Juda, ang kinatawan ng sambayanang Israel sa pagdulog sa hari ng Persia.

**Iba pang mga Bayan na Tinirhan ng Ibang Israelita**

25Ang mga nagmula sa lipi ni Juda ay tumira sa mga bayang malapit sa kanilang bukirin. Tumira sila sa Lunsod ng Arba, Dibon at Jekabzeel at sa mga nayong malapit sa mga lunsod na ito.

26Ang iba sa kanila'y tumira sa mga lunsod ng Jeshua, Molada, Beth-pelet,

27Hazar-shual, Beer-seba, at sa mga nayong nakapaligid dito. Nanirahan din sila sa mga lunsod ng

28Ziklag, Mecona, at sa mga nayong nakapaligid dito,

29sa En-rimon, Zora, Jarmut,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Zanoa, Adullam, Laquis at sa mga kalapit bukirin at sa Azeka at sa mga
nayon nito. Nanirahan sila sa nasasakupan ng lupaing nasa pagitan ng Beer-
seba sa timog at ng Libis ng Ben Hinom sa hilaga.

31Ang mga angkan namang mula sa lipi ni Benjamin ay nanirahan sa mga
bayan ng Geba, Micmas, Ai, Bethel at sa mga kalapit na nayon ng

32Anatot, Nob, Ananias,

33Hazor, Rama, Gitaim,

34Hadid, Zeboim, Nebalat,

35Lod at Ono at sa Libis ng mga Panday.

36May mga pangkat ng mga Levita na dating nanirahan sa lupain ng Juda na
napasama sa lipi ni Benjamin.

## Nehemias 12

### Ang Listahan ng mga Pari at mga Levita

1-7Ito ang listahan ng mga pari at mga Levitang bumalik kasama ni Zerubabel
na anak ni Sealtiel at ng pinakapunong paring si Josue. Ang mga pari ay sina:
Sereias, Jeremias, Ezra, Amarias, Maluc, Hatus, Secanias, Rehum,
Meremot, Ido, Ginetoi, Abijas, Mijamin, Maadias, Bilga, Semaias, Joiarib,
Jedaias, Salu, Amok, Hilkias at Jedaias. Sila ang mga pinuno ng mga pari at
ng kanilang mga angkan nang panahon ni Josue.

8Ang mga Levita naman ay sina Jeshua, Binui, Kadmiel, Serebias, Juda at
Matanias. Sila ang namahala sa pagkanta ng mga awit ng pasasalamat.

9Ang bumubuo ng koro na umaawit ng mga sagutang pag-awit ay sina
Bakbukuias, Uno at iba pang mga Levita na kasama nila.

### Ang mga Sumunod na Salinlahi ng Paring si Josue

10Naging anak ni Josue si Joiakim na ama ni Eliasib. Naging anak naman ni
Eliasib si Joiada,

11na ama ni Jonatan na ama ni Jadua.

12-21Nang panahong si Joiakim ang pinakapunong pari, ito ang mga pinuno
ng mga angkan ng pari:

| Pari | Angkan |
|---|---|
| Meraias | Seraias |
| Hananias | Jeremias |
| Mesulam | Ezra |

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

| | |
|---|---|
| Jehohanan | Amarias |
| Jonatan | Maluqui |
| Jose | Sebanias |
| Adna | Harim |
| Helkai | Meraiot |
| Zacarias | Ido |
| Mesulam | Gineton |
| Zicri | Abijas |
| ___ | Miniamin |
| Piltai | Moadias |
| Samua | Bilga |
| Jehonatan | Semaias |
| Matenai | Joiarib |
| Uzi | Jedaias |
| Kalai | Salai |
| Eber | Amok |
| Hashabias | Hilkias |
| Nathanael | Jedaias |

### Inilista ang mga Pamilya ng mga Pari at mga Levita

22Inilista ang mga pinuno ng mga sambahayan ng mga Levita at ng mga pari nang panahon ng panunungkulan ng mga pinakapunong paring sina Eliasib, Joiada, Johanan at Jadua. Ang listahang ito'y natapos nang panahong si Dario ang hari ng Persia.

23Ang mga pinuno ng mga sambahayang Levita ay nailista sa *Aklat ng Kasaysayan* noong panahon lamang ni Johanan na apo ni Eliasib.

### Mga Itinakdang Gawain sa Templo

24Ang mga pinuno ng mga Levita ay hinati sa mga pangkat na pinamunuan nina Hashabias, Serebias, Jeshua, Binui at Kadmiel. Dalawang pangkat ang sagutang umaawit ng papuri at pasasalamat sa Diyos, ayon sa ipinag-uutos ni David na lingkod ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[25]Ang namahala naman sa mga bantay sa mga bodega na malapit sa mga pintuan ng Templo ay ang mga sumusunod: Matanias, Bakbukuias, Obadias, Mesulam, Talmon at Akub.

[26]Noo'y panahon ng pamamahala ni Joiakim, anak ni Josue at apo ni Jehozadak. Ang gobernador noon ay si Nehemias at ang pari ay si Ezra na dalubhasa sa Kautusan.

**Itinalaga ni Nehemias ang Pader ng Lunsod**

[27]Nang italaga na ang pader ng Jerusalem, tinipon ang mga Levita sa Jerusalem upang sama-sama nilang ipagdiwang ang pagtatalaga. Ipinagdiwang ito sa saliw ng mga awit ng pasasalamat at ng tugtog ng pompiyang, alpa, at lira.

[28]Ang mga mang-aawit na mula sa angkan ng mga Levita ay dumating mula pa sa paligid ng Jerusalem at mula sa kapatagan ng Netofa,

[29]sa bayan ng Gilgal at sa kapatagan ng Geba at Azmavet.

[30]Nilinis ng mga pari at ng mga Levita ang kanilang sarili ayon sa Kautusan at ganoon din ang ginawa nila sa mga tao. Nilinis din nila ang mga pintuan at mga pader ng lunsod.

[31]Isinama ko sa ibabaw ng pader ng lunsod ang mga pinuno ng Juda. Pinamahala ko sila sa dalawang malaking pangkat ng mga mang-aawit na lilibot sa lunsod upang magpasalamat. Ang isang pangkat ay lumakad na papuntang kanan sa ibabaw ng pader patungo sa pintuang papunta sa tapunan ng basura.

[32]Kasunod nito ang kalahati ng mga pinuno ng Juda sa pangunguna ni Hosaias.

[33]Nasa likuran nila sina Azarias, Ezra, Mesulam,

[34]Juda, Benjamin, Semaias at Jeremias.

[35]Hinihipan ng mga paring ito ang kanilang mga trumpeta habang sumusunod sina Zacarias, anak ni Jonatan at apo ni Semaias. Kabilang din sa kanyang mga ninuno sina Matanias, Micaias, Zacur at Asaf.

[36]Sumunod din ang kanyang kamag-anak na sina Semaias, Azarel, Milalai, Gilalai, Maai, Netanael, Juda at Hanani. Silang lahat ay may dalang mga instrumento sa musika na katulad ng tinugtog ni Haring David na lingkod ng Diyos. Ang pangkat na ito'y pinangunahan ni Ezra na dalubhasa sa Kautusan.

[37]Pagdating nila sa Pintuan ng Bukal nagtuloy silang paakyat sa Lunsod ni David. Lumampas sila sa palasyo ni David hanggang sa sumapit sila sa Pintuan ng Tubig sa gawing silangan ng lunsod.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

38Ang ikalawang pangkat na nagpasalamat din ay lumakad namang pakaliwa sa ibabaw ng pader. Sumunod ako sa pangkat na ito at lumakad kaming kasama ang kalahati ng mga taong bayan. Lumampas kami sa Tore ng mga Pugon papunta sa Maluwang na Pader.

39Mula roo'y lumampas kami sa Pintuan ni Efraim, sa Pintuang Luma, tuloy sa Pintuan ng Isda, sa Tore ni Hananel, sa Tore ng Sandaan patungo sa Pinto ng mga Tupa. Huminto kami sa may pinto ng Templo.

40Ang dalawang pangkat ng mga mang-aawit ay nagtagpo sa tapat ng templo. Bukod sa mga pinunong kasama ko,

41kasama ko rin ang mga paring umiihip ng mga trumpeta na sina Eliakim, Maaseias, Miniamin, Micaias, Elioenai, Zacarias at Hananias.

42Kasunod nila sina Maaseias, Semaias, Eleazar, Uzi, Johanan, Malquijas, Elam at Ezer. Ang mga ito'y mang-aawit na pinangunahan ni Jezrahias.

43Nang araw na iyon, nag-alay sila ng maraming handog at masayang nagdiwang ang mga tao dahil sa kagalakang dulot sa kanila ng Diyos. Pati mga babae at mga bata ay nagdiwang din kaya't ang ingay nila'y narinig sa malalayong lugar.

### Ambagan para sa Pananambahan sa Templo

44Nang araw ring iyon, nagtalaga sila ng mga lalaking mamamahala sa mga bodegang paglalagyan ng mga kaloob sa Templo gaya ng mga unang bunga at ikasampung bahagi ayon sa Kautusan. Sila ang kukuha ng mga kaloob para sa mga pari at mga Levita mula sa mga bukirin ng mga bayan, sapagkat sila ang inihanda sa paglilingkod sa gawaing ito. Nagalak naman ang mga taga-Juda sa mga pari at mga Levita,

45sapagkat tinupad nila ang utos ng Diyos tungkol sa pagiging malinis. Gumanap din ng kani-kanilang tungkulin ang mga mang-aawit at mga bantay ayon sa iniutos ni David, at ng anak nitong si Solomon.

46Mula pa nang panahon ni Haring David at ng mang-aawit na si Asaf, ang mga mang-aawit na ang nangunguna sa mga awit ng pasasalamat at papuri sa Diyos.

47Sa panahon naman ni Zerubabel at ni Nehemias, ibinibigay ng buong Israel ang kanilang mga kaloob araw-araw para sa pangangailangan ng mga mang-aawit at ng mga bantay sa Templo. Ibinibigay nila ang handog para sa mga Levita at ibinibigay naman ng mga Levita sa mga pari ang bahagi ng mga ito.

## Nehemias 13

### Paghiwalay sa mga Dayuhan

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Nang araw na binasa sa harap ng mga tao ang Kautusan ni Moises, natuklasan nila roon na mahigpit na ipinagbabawal sa mga Israelita ang makihalubilo sa mga Ammonita o Moabita.

2Ipinagbawal ito, sapagkat hindi sila binigyan ng pagkain at inumin ng mga Ammonita at Moabita nang dumaan ang mga Israelita sa lupain ng mga ito noong lumabas sila sa Egipto. Sa halip, inupahan pa ng mga ito si Balaam upang sumpain ang Israel, subalit ang sumpang iyon ay ginawa ng Diyos natin na isang pagpapala.

3Nang ito'y marinig ng mga tao, pinaalis nila ang mga dayuhan.

**Ang mga Repormang Ginawa ni Nehemias**

4Noon si Eliasib ang paring namamahala sa mga bodega sa Templo. Maganda ang pakikitungo niya kay Tobias, palibhasa'y matagal na silang magkaibigan.

5Kaya't pinahintulutan ni Eliasib si Tobias na gamitin ang malaking silid sa Templo. Ang silid na iyo'y taguan ng mga handog na pagkaing butil, insenso, mga kagamitan sa Templo, mga handog para sa mga pari, ikasampung bahagi ng handog na butil, alak at langis na para sa mga Levita, sa mga mang-aawit at sa mga bantay sa Templo.

6Habang nagaganap iyon, wala ako noon sa Jerusalem, sapagkat nang si Haring Artaxerxes, hari ng Babilonia ay nasa ika-32 taon ng paghahari, nagpunta ako sa kanya upang mag-ulat.

7Hindi nagtagal at ako'y pinahintulutan niyang makabalik sa Jerusalem. Noon ko natuklasang binigyan pala ni Eliasib si Tobias ng silid sa loob ng Templo.

8Labis ko itong ikinagalit at itinapon ko sa labas ang lahat ng kagamitan ni Tobias.

9Pagkatapos, iniutos kong linisin ang silid at ibalik doon ang mga kagamitan sa Templo pati ang handog na pagkaing butil at insenso.

10Nalaman ko rin na ang mga Levita at ang mga mang-aawit sa Templo ay umuwi na sa kanilang mga bukirin, sapagkat hindi sila tumatanggap ng bahaging nauukol sa kanila.

11Nagalit ako sa mga namamahala at sinabi ko, “Bakit pinabayaan ninyo ang Templo ng Diyos?” Kaya't pinabalik ko ang mga Levita at ang mga mang-aawit sa Templo at muling pinagtrabaho sa kani-kanilang tungkulin.

12Dahil dito, ang lahat ng mamamayan ng Juda ay muling nagdala ng ikasampung bahagi ng kanilang mga inaning butil, alak at langis, at inipon ang mga ito sa mga bodega.

13Pinamahala ko ang paring si Selemias, si Zadok na dalubhasa sa Kautusan, at si Pedaias na isang Levita. Pinatulong ko sa kanila si Hanan,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

anak ni Zacur at apo ni Matanias. Alam kong mapagkakatiwalaan sila na mamahagi ng mga pangangailangan ng kanilang mga kasamahan.

14Alalahanin po ninyo, Diyos ko, ang mga ginawa kong ito para sa Templo at sa pananambahan doon.

15Noon ko rin nakita na ang mga taga-Juda ay nagpipisa ng ubas sa Araw ng Pamamahinga. Mayroon din namang mga nagkakarga sa mga asno ng mga trigo, alak, ubas, igos at iba pang bagay, at dinadala sa Jerusalem. Binalaan ko silang huwag magtinda ng anuman sa Araw ng Pamamahinga.

16Ang mga taga-Tiro na nasa lunsod ay nagdadala naman ng isda at lahat ng uri ng paninda, at sa Araw din ng Pamamahinga nila ipinagbibili sa mga taga-Juda na nasa Jerusalem.

17Dahil dito, pinagalitan ko ang mga namumuno sa Juda. Pinagsabihan ko sila, “Masama ang ginagawa ninyong ito. Nilalapastangan ninyo ang Araw ng Pamamahinga.

18Ito mismo ang dahilan kaya pinarusahan ng Diyos ang inyong mga ninuno at winasak ang lunsod na ito. Lalo ninyong ginagalit ang Diyos sa ginagawa ninyong paglapastangan sa Araw ng Pamamahinga!”

19Kaya't iniutos kong mula noon, pagsapit ng Araw ng Pamamahinga, ang mga pintuan ng lunsod ay sarhan bago lumubog ang araw at huwag bubuksan hanggang hindi natatapos ang araw na iyon. Pinabantayan ko sa aking mga tauhan ang mga pintuan upang matiyak na walang anumang panindang maipapasok sa Araw ng Pamamahinga.

20Kung minsan, ang mga mangangalakal sa Jerusalem ay sa labas ng pader natutulog.

21Binalaan ko sila na kapag umulit pa sila ay gagamitan ko na sila ng dahas. Mula noo'y hindi na sila dumarating kapag Araw ng Pamamahinga.

22Iniutos ko sa mga Levita na dapat nilang linisin ang kanilang sarili ayon sa Kautusan at magbantay sa mga pinto upang maingatang banal ang Araw ng Pamamahinga. Alalahanin po ninyo ako O Diyos, sa ginawa kong ito at huwag ninyo akong parusahan sapagkat dakila ang iyong pag-ibig.

23Nalaman ko rin noon na maraming mga Judio ang nag-asawa ng mga babaing taga-Asdod, Ammon at Moab.

24Dahil dito, kalahati ng kanilang mga anak ang nagsasalita ng wikang Asdod at iba pang mga wikang banyaga, ngunit hindi sila nakakapagsalita ng wika ng Juda.

25Pinagalitan ko ang mga kalalakihan, isinumpa sila, pinalo at sinabunutan. Pagkatapos, pinapanumpa ko sila sa pangalan ng Diyos na sila at ang kanilang mga anak ay hindi na mag-aasawa ng mga dayuhan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26“Hindi ba iyan ang sanhi ng pagkakasala ni Solomon?” sinabi ko sa kanila. “Walang sinumang hari saanmang bansa na tulad niya. Mahal siya ng Diyos at ginawang hari sa buong Israel. Subalit nagkasala siya dahil sa mga babaing banyaga.

27Susundin ba namin ang inyong masamang halimbawa at susuway sa Diyos dahil sa pag-aasawa ng mga dayuhan?”

28Isa sa mga anak ni Joiada (na anak ng pinakapunong pari na si Eliasib) ay nag-asawa ng isang babae mula sa angkan ni Sanbalat na Horonita; kaya't pinalayas ko siya sa Jerusalem.

29Alalahanin po ninyo, O aking Diyos, ang paglapastangan nila sa tungkulin ng pagiging pari at sa kasunduang ginawa ninyo sa mga pari at sa mga Levita.

30Nilinis ko ang sambayanan sa lahat ng pakikitungo nila sa mga dayuhan. Gumawa ako ng mga tuntunin para sa mga pari at mga Levita upang malaman nila ang kanilang mga tungkulin.

31Isinaayos ko rin ang pagdadala sa takdang oras ng mga kahoy na gagamiting panggatong sa pagsunog ng mga handog, gayundin ang pagdadala ng mga tao sa mga unang ani ng butil at bungangkahoy. Alalahanin ninyo, O aking Diyos, ang lahat ng ito at ako po'y pagpalain ninyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Ester

## Ester 1

### Sinuway ni Reyna Vasti si Haring Xerxes

1Nang panahon ni Haring Xerxes ng Persia, ang sakop niya'y mula sa India hanggang Etiopia. Binubuo ito ng 127 lalawigan.

2Ang kanyang palasyo ay nasa Lunsod ng Susa na siyang kapitolyo ng Persia.

3Nang ikatlong taon ng kanyang paghahari, siya ay naghanda ng isang piging para sa kanyang mga pinuno, mga katulong sa palasyo, mga punong-kawal ng Persia at Media, pati mga maharlika at mga gobernador ng mga lalawigan.

4Ipinagparangalan niya sa mga ito ang kayamanan ng kanyang kaharian at ang karangyaan ng kanyang pamumuhay. Ang piging ay tumagal nang 180 araw.

5Pagkaraan nito, naghanda naman siya ng piging para sa lahat ng taga-Susa, dakila o hamak man. Ito'y ginanap sa patyo sa may hardin ng palasyo, at tumagal nang pitong araw.

6Puting-puti ang mga kurtina at maraming palawit na kulay asul. Ang mga tali nito'y nilubid na pinong lino at murado, at nakasabit sa mga argolyang pilak. Marmol ang mga haligi ng palasyo. Yari sa ginto't pilak ang mga upuan. Ang sahig ay mosaik na yari sa porfido, alabastro, nakar, at mamahaling bato.

7Ang mga alak ay inihain sa mga kopitang ginto na iba't iba ang hugis. Napakaraming mamahaling alak ang inilabas; alak na angkop lamang sa isang hari.

8Walang humpay ang pagpapamahagi ng inumin; ipinag-utos ng hari sa mga katulong na ibigay ang hilig ng bawat isa. Walang pilitan sapagkat ipinag-utos ng hari sa kanyang mga katulong na ibigay ang hilig ng bawat isa.

9Samantala, si Reyna Vasti ay nagdaos din ng piging sa palasyo para naman sa kababaihan.

10Nang ikapitong araw na ng pagdiriwang, medyo lango na ang hari. Ipinatawag niya sina Mehuman, Bizta, Harvona, Bigta, Abagta, Zetar at Carcas, ang pitong eunukong nag-aasikaso sa kanya.

11Ipinasundo niya si Reyna Vasti. Ipinasabi niyang isuot ng reyna ang korona nito upang ipagmayabang sa lahat ng naroon ang kagandahan nito, sapagkat ito nama'y talagang maganda.

12Ngunit hindi pinansin ng reyna ang mga sugo ng hari. Dahil dito, lubhang nagalit ang hari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Tuwing may pangyayaring tulad nito, ipinapatawag ng hari ang mga pantas tungkol sa kapanahunan, mga dalubhasa sa batas at paghatol

14upang sangguniin. Ito'y sina Carsena, Setar, Admata, Tarsis, Meres, Marsena at Memucan. Sila ang pitong pangunahing pinuno ng Persia at Media. Malapit sila sa hari, at mga pangunahin sa buong kaharian.

15Itinanong ng hari, “Ano ang dapat gawin kay Reyna Vasti dahil sa pagsuway niya sa utos ko sa pamamagitan ng mga sugo?”

16Sumagot si Memucan, “Si Reyna Vasti ay nagkasala, hindi lamang sa hari kundi pati sa mga pinuno at sa lahat ng nasasakupan ninyo, Haring Xerxes.

17Ang pangyayaring ito'y tiyak na malalaman ng lahat ng babae sa kaharian. Kung magkagayon, magkakaroon sila ng katuwirang sumuway sa kanilang asawa. Idadahilan nilang sinuway ni Reyna Vasti ang hari.

18Ngayon pa ay natitiyak kong alam na ito ng mga pangunahing babae ng Persia at Media at sasabihin na sa mga pinuno ng hari. Dahil dito, tiyak na lalaganap ang kawalan ng respeto sa mga asawang lalaki, at ito'y hahantong sa maraming kalupitan.

19Kaya, kung inyong mamarapatin, magpalabas kayo ng isang utos na maisasama sa mga kautusan ng Persia at Media para hindi mabago. Sa bisa ng utos na ito, aalisin kay Vasti ang pagiging reyna at papalitan siya ng mas mabuting reyna.

20Kapag ito'y naipahayag na sa buong kaharian, tiyak na igagalang ng mga babae ang kanilang mga asawa, maging hamak o dakila man.”

21Nagustuhan ng hari at ng kanyang mga pinuno ang payo ni Memucan, at ito nga ang ginawa ng hari.

22Pinadalhan niya ng sulat ang mga lalawigang sakop niya. Ang liham ay nakasulat ayon sa wika ng bawat lalawigan. Ipinapahayag sa liham na ito na dapat ang asawang lalaki ang siyang pinuno ng kanyang sambahayan.

## Ester 2

### Naging Reyna si Ester

1Lumipas ang mga araw at napawi ang galit ni Haring Xerxes. Subalit patuloy pa rin nitong naaalaala si Vasti, ang ginawa nito at ang utos na nilagdaan niya laban dito.

2Kaya't iminungkahi ng kanyang mga lingkod, “Bakit di kayo magpahanap ng magaganda at kabataang dalaga, Kamahalan?

3Pumili kayo ng mga tauhan sa bawat lalawigan para humanap ng magagandang dalaga sa kanilang lugar at dalhin sa inyong harem sa lunsod

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

ng Susa. Ipagkatiwala ninyo sila kay Hegai, ang eunukong namamahala sa harem ng hari, at bigyan ninyo sila ng mga pampagandang kailangan nila.

4Ang maibigan ng hari ang siyang ipapalit kay Vasti." Nagustuhan ng hari ang mungkahing ito, at ganoon nga ang kanyang ginawa.

5Noon ay may isang Judio na nakatira sa Susa. Siya'y si Mordecai na mula sa lipi ni Benjamin. Siya'y anak ni Jair at apo ni Simei na anak naman ni Kis.

6Isa siya sa mga nabihag ni Haring Nebucadnezar at dinala sa Babilonia mula sa Jerusalem, kasama ni Haring Jeconias ng Juda.

7Si Mordecai ay may isang napakaganda at kabigha-bighaning pinsang dalaga na ulilang lubos at siya na ang nagpalaki. Ang pangalan niya'y Ester (Hadasa naman sa Hebreo). Nang mamatay ang mga magulang ni Ester, inampon na siya ni Mordecai at itinuring na parang tunay na anak.

8Bilang tugon sa utos ng hari tungkol sa paghahanap ng magagandang dalaga sa buong kaharian, napasama siya sa maraming dalagang tinipon sa palasyo sa pamamahala ni Hegai na tagapangasiwa sa harem.

9Nakagaanan siya ng loob ni Hegai, kaya binigyan agad siya ng pagkain at mga pampaganda. Bukod dito, ipinili pa siya ng pinakamainam na tirahan sa harem at binigyan ng pitong katulong na babae.

10Gayunpaman, hindi sinabi ni Ester kung saang lahi o sambahayan siya nagmula dahil iyon ang bilin sa kanya ni Mordecai.

11Araw-araw naman, nagpupunta si Mordecai sa bulwagan ng harem upang alamin ang kalagayan ni Ester.

12Bilang tuntunin, isang taon munang pagagandahin ang mga babae: anim na buwan silang pinapahiran ng langis at mira, at anim na buwan ding nilalagyan ng pabango at iba pang pampaganda. Pagkatapos, isa-isa silang inihaharap sa hari.

13Bago humarap sa hari, ibinibigay sa kanila ang lahat ng maibigan nilang dalhin sa pagharap sa hari.

14Bawat isa'y pumupunta sa hari sa gabi at kinabukasa'y dinadala sa isa pang harem nito na pinapamahalaan naman ng eunukong si Saasgaz. Sinumang pumunta sa hari ay hindi nakababalik sa palasyo kung hindi siya ipapatawag nito, lalo na kung hindi nasiyahan sa kanya ang hari.

15Dumating ang araw na haharap na sa hari si Ester. (Si Ester ay anak ni Abihail na tiyuhin naman ni Mordecai.) Wala siyang hiniling maliban sa sinabi sa kanya ni Hegai. Nabighani ang lahat ng nakakita sa kanya.

16Noon ay ang ikasampung buwan ng ikapitong taon ng paghahari ni Xerxes.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[17]Lubos na nabighani ang hari kay Ester at inibig niya ito nang higit sa ibang babae. Kaya, kinoronahan siya nito at ginawang reyna kapalit ni Vasti.

[18]Nagdaos ng isang malaking handaan ang hari upang parangalan si Ester at inanyayahan niya ang lahat ng kanyang mga pinuno at mga kaibigan. Kaugnay nito, nagpahayag pa siya ng pista opisyal sa buong kaharian at namahagi ng maraming regalo.

### Iniligtas ni Mordecai ang Hari

[19]Samantala, si Mordecai naman ay naitalaga sa isang mataas na katungkulan sa pamahalaan.

[20]Hanggang sa panahong iyon, hindi pa rin ipinapaalam ni Ester ang lahi o bansang pinagmulan niya, tulad ng bilin ni Mordecai (sinusunod niya ang mga utos ni Mordecai simula pa ng kanyang pagkabata).

[21]Isang araw habang nasa bulwagan ng palasyo si Mordecai, narinig niyang nag-uusap ang dalawang eunukong bantay-pinto na sina Bigtan at Teres. Galit sila kay Haring Xerxes at balak nilang patayin ito.

[22]Nang marinig ito ni Mordecai, gumawa siya ng paraang makausap si Reyna Ester at sinabi rito ang kanyang narinig. Sinabi naman ito ni Ester sa hari, pati ang tungkol kay Mordecai.

[23]Pinaimbestigahan ito ng hari at napatunayang totoo, kaya ipinabitay sina Bigtan at Teres. Ang pangyayaring ito'y isinulat sa aklat ng kasaysayan ng kaharian.

## Ester 3

### Binalak ni Haman na Lipulin ang mga Judio

[1]Pagkatapos ng mga pangyayaring ito, itinaas ni Haring Xerxes sa tungkulin si Haman na anak ni Hamedata, isang Agagita. Ginawa niya itong punong ministro.

[2]Lahat ng tauhan sa bulwagan ng palasyo ay yumuyukod at lumuluhod sa harap ni Haman bilang pagsunod sa utos ng hari. Ngunit si Mordecai ay hindi yumuyukod at lumuluhod.

[3]Tinanong siya ng mga tauhan sa pintuan ng palasyo, “Bakit ayaw mong sundin ang utos ng hari?”

[4]Araw-araw ay sinasabi nila ito sa kanya ngunit ayaw pa rin niyang sumunod. Kaya isinumbong nila si Mordecai kay Haman para malaman kung pagbibigyan siya ni Haman, sapagkat sinasabi ni Mordecai na siya'y isang Judio.

[5]Nang mapatunayan ni Haman na hindi nga yumuyukod at lumuluhod si Mordecai, sumiklab ang galit nito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Nang malaman niyang Judio si Mordecai, umisip siya ng paraan upang malipol ang lahat ng Judio sa buong kaharian ni Haring Xerxes.

7Nang unang buwan ng ikalabindalawang taon ng paghahari ni Xerxes, ginawa sa harapan ni Haman ang palabunutang tinatawag na Pur upang malaman kung anong araw nararapat isagawa ang balak niya. Tumama ito sa ikalabintatlong araw ng ikalabindalawang buwan na kung tawagi'y Adar.

8Pagkatapos nito, sinabi ni Haman kay Haring Xerxes, “Sa lahat pong panig ng inyong kaharian ay may isang lahi ng mga tao na may sariling batas na iba sa alinmang lahi. Hindi po sila sumusunod sa inyong utos at makakasama po kung pababayaan ninyo silang ganito.

9Kung inyong mamarapatin, ipag-utos po ninyo na lipulin ang mga taong yaon. Magbibigay po ako ng 350,000 kilong pilak sa mga pinuno at ito'y ilalagak sa kabang-yaman ng hari.”

10Hinubad ng hari ang kanyang singsing na pantatak at ibinigay kay Haman na anak ni Hamedata, ang Agagitang kaaway ng mga Judio.

11At sinabi sa kanya ng hari, “Ikaw na ang bahala sa salapi at gawin mo ang gusto mong gawin sa mga taong iyon.”

12Nang ikalabintatlong araw ng unang buwan, ipinatawag ni Haman ang mga kalihim ng hari. Pinagawa niya sila ng liham para sa mga gobernador ng lahat ng lalawigan at sa mga pinuno ng bayan, sa wikang ginagamit sa lugar na padadalhan. Ang liham ay ginawa sa pangalan ni Haring Xerxes at tinatakan ng singsing nito.

13Ipinadala sa pamamagitan ng mga sugo ang mga liham sa mga lalawigan ng kaharian, na nag-uutos na patayin ang lahat ng Judio, maging bata man o matanda, lalaki man o babae, at samsamin ang lahat ng kanilang ari-arian. Isasagawa ito sa ikalabintatlong araw ng ikalabindalawang buwan.

14Bawat lalawiga'y padadalhan ng sipi ng utos upang makapaghanda ang lahat sa araw na nabanggit.

15At ipinahayag nga sa lunsod ng Susa, ang kapitolyo ng Persia, ang utos ng hari. Ang mga lalawigan naman ay kaagad pinadalhan ng mga sipi nito. Kaya't samantalang masayang nag-iinuman ang hari at si Haman, ang lunsod naman ng Susa ay gulung-gulo.

## Ester 4

### Pinakiusapan ni Mordecai si Ester na Mamagitan

1Nang malaman ni Mordecai ang lahat ng nangyari, pinunit niya ang kanyang kasuotan. Nagsuot siya ng damit panluksa, naglagay ng abo sa ulo, at naglibot sa buong lunsod, at malakas na tumatangis.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Naupo siya sa labas ng pintuan ng palasyo sapagkat hindi pinapayagang pumasok doon ang sinumang nakasuot ng damit panluksa.

3Ang mga Judio naman sa bawat lalawigang naabot ng utos ng hari ay nanangis nang buong kapaitan, nag-ayuno at nagluksa. Karamihan sa kanila'y nagsuot ng damit panluksa at naglagay ng abo sa ulo.

4Lubos na nabahala si Reyna Ester nang malaman niya ang pangyayari mula sa kanyang mga katulong na babae at mga eunuko. Kaya pinadalhan niya ng bihisan si Mordecai, ngunit ayaw nitong tanggapin iyon.

5Dahil dito, ipinatawag niya si Hatac, isa sa mga eunuko ng hari at itinalagang katulong niya. Pinapunta niya ito kay Mordecai at ipinatanong kung bakit siya nagkakaganoon.

6Pinuntahan nga ni Hatac si Mordecai sa labas ng palasyo.

7Sinabi naman nito sa kanya ang buong pangyayari, pati ang halagang ibibigay ni Haman sa kabang-yaman ng hari mapatay lamang ang mga Judio.

8Binigyan pa siya ni Mordecai ng isang kopya ng sulat ng hari para ipakita kay Ester. Ipinakiusap din niyang ipaliwanag kay Ester ang buong pangyayari upang ipagbigay-alam iyon sa hari.

9Pagkatapos ng kanilang pag-uusap, nagbalik si Hatac kay Ester at isinaysay ang lahat ng sinabi ni Mordecai.

10Si Hatac ay pinabalik ni Ester kay Mordecai at ganito ang ipinasabi:

11“Alam na alam ng lahat na walang itinatangi ang batas ng kaharian. Sinumang lumapit sa hari, maging lalaki o babae, nang hindi ipinapatawag ay papatayin maliban kung ipatong sa kanya ang gintong setro. Tatlumpung araw na akong hindi ipinapatawag ng hari.”

12Nang matanggap ni Mordecai ang sagot ni Ester,

13ganito naman ang ipinasabi niya: “Huwag mong aakalaing dahil nakatira ka sa palasyo ay ikaw lamang ang makakaligtas sa lahat ng mga Judio.

14Kapag ipinagwalang-bahala mo ang pangyayaring ito, tiyak na may magliligtas din sa mga Judio, ngunit malilipol ka at ang iyong angkan. Anong malay mo? Baka nga napunta ka riyan para maging kasangkapan sa ganitong pagkakataon!”

15Dahil dito, ipinasabi ni Ester kay Mordecai,

16“Tipunin mo ang lahat ng Judio rito sa Susa at ipag-ayuno ninyo ako. Huwag kayong kakain o iinom sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi. Mag-aayuno rin kami ng aking mga katulong na babae. Pagkatapos, pupunta ako sa hari kahit ito'y labag sa batas, at kung dapat akong mamatay, ako nga ay mamamatay.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Umalis si Mordecai at ginawa ang lahat ng tagubilin ni Ester.

## Ester 5

### Ang Piging para sa Hari at kay Haman

1Lumipas ang tatlong araw mula nang mag-usap sina Ester at Mordecai. Isinuot ni Ester ang kanyang kasuotan bilang reyna at tumayo sa bulwagan ng palasyo, sa tapat ng tirahan ng hari. Nakaupo noon sa trono ang hari, paharap sa pintuan ng palasyo.

2Nalugod siya nang makita si Ester at itinuro niya rito ang kanyang gintong setro. Lumapit naman si Ester at hinipo ang dulo ng setro.

3Itinanong ng hari, “Bakit, aking reyna? Sabihin mo kung ano ang ibig mo at ibibigay ko sa iyo, kahit ang kalahati ng aking kaharian.”

4Sumagot si Ester, “Kung mamarapatin ng mahal na hari, dumalo po kayo ni Haman ngayon sa piging na inihanda ko para sa inyo.”

5Sinabi ng hari, “Tawagin agad si Haman para masunod ang ibig ni Ester.” Dumalo nga ang hari at si Haman sa piging na inihanda ni Ester.

6Habang sila'y nag-iinuman, tinanong ng hari si Ester, “Ano ba ang gusto mo? Sabihin mo't ibibigay kong lahat, kahit ang kalahati ng aking kaharian.”

7Sinabi ni Ester, “Ito po ang aking kahilingan:

8Kung ako po'y kalugud-lugod sa hari, at kung inyong mamarapatin, dumalo muli kayo ni Haman sa piging na ihahanda ko para sa inyo bukas. Doon ko na po sasabihin ang aking kahilingan.”

### Nagpagawa si Haman ng Pagbibitayan

9Nang araw na iyon, masayang-masayang lumabas ng palasyo si Haman. Ngunit sumiklab na naman ang kanyang galit nang mapatapat siya kay Mordecai na nasa may pintuang papasok sa palasyo. Ni hindi man lamang ito tumayo o nagbigay-galang sa kanya.

10Gayunman, nagtimpi na lamang siya at tuluy-tuloy na umuwi. Pagdating ng bahay, tinawag niya ang kanyang asawang si Zeres at ang kanyang mga kaibigan.

11Ipinagmalaki niya sa mga ito ang kanyang kayamanan, ang marami niyang anak, ang pagkataas niya sa katungkulan, pati ang pagkalagay sa kanya bilang pinakamataas sa mga pinuno at kagawad sa palasyo.

12Idinugtong pa niya, “At ako lamang ang inanyayahan ni Reyna Ester na sumama sa hari nang maghanda siya ng handaan. Bukas, iniimbita na naman niya ako, kasama ang hari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Gayunman, walang halaga sa akin ang lahat ng ito hangga't nakikita kong nakaupo sa pasukan ng palasyo ang Judiong si Mordecai.”

14Sinabi sa kanya ng asawa niyang si Zeres at ng kanyang mga kaibigan, “Bakit hindi ka magpagawa ng bitayan na dalawampu't dalawa't kalahating metro ang taas sa may pintuan ng palasyo at bukas ng umaga hilingin mo sa hari na bitayin si Mordecai? Sa gayon, masaya kang makakapunta sa handaan.” Nagustuhan ito ni Haman, kaya nagpagawa siya ng bitayan.

## Ester 6

### Pinarangalan si Mordecai

1Nang gabing iyon, hindi makatulog si Haring Xerxes. Ipinakuha niya ang aklat ng mahahalagang pangyayari sa kaharian at ipinabasa ito habang siya'y nakikinig.

2Nabasa ang bahagi ng kasaysayan tungkol sa pagkatuklas ni Mordecai sa masamang balak ng mga eunukong sina Bigtan at Teres na patayin ang Haring Xerxes.

3Dahil dito, itinanong ng hari, “Anong gantimpala o pagpaparangal ang ginawa kay Mordecai dahil sa kabutihang ginawa niya sa akin?” Sumagot ang mga tagapaglingkod, “Wala po.”

4Nagtanong ang hari, “Sino ba ang nasa bulwagan?” Samantala, noon ay papasok sa bulwagan si Haman upang sabihin sa hari na maaari nang bitayin si Mordecai sa ipinagawa niyang bitayan.

5Sinabi ng mga tagapaglingkod ng hari, “Si Haman po.” At sinabi ng hari, “Palapitin ninyo siya rito.”

6Lumapit naman si Haman. Itinanong sa kanya ng hari, “Ano ang dapat gawin sa sinumang ibig parangalan ng hari?” Akala ni Haman ay siya ang tinutukoy ng hari,

7kaya sinabi niya, “Ganito po:

8Ipakuha ninyo ang damit na inyong isinuot at ang kabayong inyong sinakyan nang kayo'y koronahan bilang hari.

9Ang damit ay ibigay sa isa sa mga pangunahing pinuno ng kaharian para isuot sa pararangalan. Pagkatapos, isakay sa kabayo at ilibot sa buong lunsod habang isinisigaw ang: ‘Ito ang ginagawa sa taong pinaparangalan ng hari!’”

10Sinabi ng hari kay Haman, “Kung gayon, kunin mo ang aking damit at ang aking kabayo. Lahat ng sinabi mo'y gawin mo kay Mordecai, ang Judiong nakaupo sa may pintuan ng palasyo.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Kinuha nga ni Haman ang damit at ang kabayo ng hari. Binihisan niya si Mordecai, isinakay sa kabayo at inilibot sa buong lunsod habang isinisigaw niyang, “Ito ang ginagawa sa taong pinaparangalan ng hari.”

12Pagkatapos nito, nagbalik si Mordecai sa may pintuan ng palasyo. Nagmamadali namang umuwi si Haman, at pagdating sa bahay ay nanangis at nagtalukbong dahil sa inabot na kahihiyan.

13Ang nangyari'y isinalaysay ni Haman sa asawa niyang si Zeres at sa kanyang mga tagapayo. Sinabi sa kanya ng kanyang mga tagapayo at ng kanyang asawa, “Kung Judio nga si Mordecai, na siyang dahilan ng iyong panghihina, hindi mo siya madadaig, kundi ikaw pa ang dadaigin niya.”

14Nag-uusap pa sila nang dumating ang mga sugo ng hari at nagmamadaling isinama si Haman sa handaan ni Ester.

## Ester 7

### Binitay si Haman

1Si Haring Xerxes at si Haman ay dumalo sa ikalawang handaan ni Reyna Ester.

2Habang sila'y nag-iinuman, itinanong ng hari, “Reyna Ester, ano nga ba ang hihilingin mo? Sabihin mo at ibibigay ko sa iyo, kahit ang kalahati ng aking kaharian.”

3Sumagot si Reyna Ester, “Kung inyo pong mamarapatin, Mahal na Hari, nais ko po sanang hilingin na ako at ang aking mga kababayan ay inyong iligtas,

4sapagkat kami po ay ipinagbili para patayin at lipulin. Kung kami po ay ipinagbili upang maging mga alipin, magsasawalang-kibo na lamang po ako at hindi na kayo gagambalain pa. Subalit kami po ay nililipol na!”

5Itinanong ng hari, “Sinong may pakana ng mga bagay na ito?”

6Sumagot si Ester, “Ang aming kaaway at taga-usig—ang masamang, si Haman!” At si Haman ay nangatog sa takot sa harap ng hari at ng reyna.

7Galit na galit na tumindig ang hari at nagpunta sa hardin ng palasyo. Naiwan naman si Haman at nagmakaawa kay Reyna Ester sapagkat natitiyak niyang siya'y paparusahan ng hari.

8Nang magbalik ang hari, nakita niyang nakadapa si Haman sa harap ng reyna na noo'y nakahiga. Dahil dito'y pagalit na sinabi ng hari, “Pagbabalakan pa niya ng masama ang reyna at sa loob pa naman ng aking pamamahay?” Hindi pa halos natatapos ang salita ng hari, tinakpan na ng mga lingkod ng hari ang mukha ni Haman.

9Pagkatapos, sinabi ni Harbona, isa sa mga eunuko ng hari, “Nagpagawa na po si Haman ng isang bitayan para kay Mordecai na nagligtas sa buhay

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ninyo, Mahal na Hari. Ang taas po ng bitayan ay dalawampu't dalawa't kalahating metro at naroon sa tabi ng kanyang bahay.”

10“Doon siya bitayin!” utos ng hari. Binitay nga si Haman sa bitayang ginawa niya para kay Mordecai. Pagkatapos, napawi na ang galit ng hari.

## Ester 8

### Hinirang si Mordecai

1Nang araw ding iyon, ang mga ari-arian ni Haman na kaaway ng mga Judio ay ibinigay ni Haring Xerxes kay Reyna Ester. Napabilang rin si Mordecai sa mga kagawad na malapit sa hari sapagkat sinabi ni Ester na magkamag-anak sila.

2Ang singsing na pantatak ng hari ay kinuha kay Haman at ibinigay kay Mordecai na siyang ginawang katiwala ni Ester sa dating bahay ni Haman.

### Ang Bagong Kahilingan ni Ester

3Minsan pang lumapit si Ester kay Haring Xerxes at lumuluhang idinulog dito ang utos tungkol sa paglipol sa mga Judio na binalak ni Haman na Agagita.

4Itinuro ng hari ang kanyang setro kay Ester. Tumayo naman si Ester at kanyang sinabi,

5“Kung mamarapatin ninyo at makalulugod sa inyo, Kamahalan, nais kong hilingin na inyong ipawalang-bisa ang utos na pinakalat ni Haman na Agagita, anak ni Hamedata, laban sa mga Judio sa inyong kaharian.

6Hindi ko po makakayanang makita na nililipol at pinapatay ang aking mga kalahi.”

7Sinabi ni Haring Xerxes kay Reyna Ester at kay Mordecai na Judio, “Ang ari-arian ni Haman ay ibinigay ko na kay Ester. Ipinabitay ko na si Haman dahil sa masama niyang balak sa mga Judio.”

8Sinabi rin ng hari sa kanila, “Gumawa ka ng isang utos para sa mga Judio at isulat ninyo rito ang gusto ninyong isulat sa pangalan ko, at tatakan mo ng aking singsing. Sapagkat walang sinumang makapagpapawalang-bisa sa utos ng hari lalo na kung ito'y tinatakan ng singsing ng hari.”

9Nang ikadalawampu't tatlong araw ng ikatlong buwan, ipinatawag lahat ang mga kalihim ng hari. Ipinasulat ni Mordecai sa kanila ang isang liham tungkol sa mga Judio upang ipadala sa mga gobernador at mga tagapangasiwa at mga pinuno ng 127 lalawigan, mula sa India hanggang Etiopia. Ang utos ay nakasulat sa wikang ginagamit sa lugar na padadalhan.

10Ang sulat na ito ay sa pangalan ni Haring Xerxes, at may tatak ng singsing nito. Pagkatapos, ipinadala sa mga tagahatid-sulat, sakay ng mabibilis nilang kabayo mula sa kuwadra ng hari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Sa pamamagitan ng sulat na ito, ipinahihintulot ni Haring Xerxes na magsama-sama ang mga Judio upang ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa sinumang sasalakay sa kanila mula sa alinmang lalawigan. Pinahihintulutan din silang patayin, lipulin at samsaman ng ari-arian ang hukbong sasalakay sa kanila, pati ang mga kababaihan at mga bata.

12Gagawin nila ito sa buong kaharian sa loob ng isang araw, sa ikalabintatlo ng ikalabindalawang buwan ng taon.

13Bawat lalawigan ay padadalhan ng sipi nito at ipahahayag sa lahat ng tao para makapaghanda ang mga Judio sa araw na yaon laban sa kanilang mga kaaway.

14Kaya, ang mga tagahatid-sulat ay nagmamadaling lumakad, sakay ng mabibilis na kabayo ng hari at sinunod agad ang utos ng hari. Ang utos ay ikinalat din sa Lunsod ng Susa.

15Nang lumabas ng palasyo si Mordecai, ipinagbunyi siya ng buong Lunsod ng Susa. Suot niya ang maharlikang kasuotan: puti't asul ang kanyang damit, pinong lino na kulay ube ang balabal, at malaki ang koronang ginto.

16Ito'y malaking karangalan ng mga Judio. Masayang-masaya sila.

17Sa lahat ng dakong naabot ng utos ng hari, nagpista sa tuwa ang mga Judio. At sa buong kaharian, marami ang nagsabing sila'y Judio sa takot na sila'y patayin.

## Ester 9

### Ang Tagumpay ng mga Judio

1Dumating ang ikalabintatlong araw ng ikalabindalawang buwan ng taon. Ito ang araw ng pagsasagawa ng utos ng hari, ang araw na inaasam-asam ng mga kaaway ng mga Judio, sapagkat inaasahan nilang sa araw na ito nila lilipulin ang mga Judio. Ngunit hindi nila alam na mababaligtad ang pangyayari, sapagkat sila ang lilipulin ng mga Judio.

2Nang araw na iyon, nagsama-sama ang lahat ng Judio sa buong kaharian upang labanan ang sinumang mananakit sa kanila. Ngunit wala namang nangahas magbuhat ng kamay sa kanila sapagkat natakot sa kanila ang lahat.

3Tinulungan pa sila ng mga gobernador at ng lahat ng pinuno sa bawat lalawigan dahil naman sa takot kay Mordecai

4na noon ay isa nang makapangyarihang tao sa kaharian. Bantog na sa buong kaharian ang kanyang pangalan at patuloy pang lumalaki ang kanyang kapangyarihan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Nilipol nga ng mga Judio ang kanilang mga kaaway at ginawa nila ang kanilang gusto sa lahat ng napopoot sa kanila.

6Sa lunsod lamang ng Susa, limandaan ang kanilang napatay.

7Kasama sa napatay sina Farsandata, Dalfon, Aspata,

8Porata, Adalia, Aridata,

9Parmasta, Arisai, Aridai at Vaizata,

10pawang mga anak ni Haman na anak ni Hamedata at kaaway ng mga Judio. Ngunit hindi nila sinamsam ang ari-arian ng kanilang mga kaaway.

11Nang araw ring iyon, umabot sa kaalaman ng hari ang bilang ng napatay sa Lunsod ng Susa.

12Sinabi ng hari kay Reyna Ester, "Sa Susa lamang, limandaan na ang napatay, kasama na ang sampung anak na lalaki ni Haman. Ano kaya ang nangyari sa ibang lalawigan? Ngayon, sabihin mo sa akin kung ano pa ang gusto mo at ibibigay ko sa iyo."

13Sinabi ni Ester, "Kung mamarapatin po ng hari ay pahintulutan ang mga Judio rito sa Susa na ituloy hanggang bukas ang inyong utos. At kung maaari, ipabitin sa bitayan ang bangkay ng mga anak ni Haman!"

14Iniutos nga ng hari na ibitin ang bangkay ng sampung anak ni Haman.

15Kinabukasan, muling nagsama-sama ang mga Judio sa Susa at nakapatay pa sila ng tatlong daan. Subalit hindi rin nila sinamsam ang ari-arian ng kanilang mga napatay.

16Ang mga Judio sa iba't ibang panig ng kaharian ay nagsama-sama rin upang ipagtanggol ang kanilang sarili at lupigin ang kanilang mga kaaway. Umabot sa pitumpu't limanlibo ang kanilang napatay ngunit hindi nila sinamsam ang ari-arian ng mga ito.

17Ginawa nila ito nang ikalabintatlong araw ng ikalabindalawang buwan. At nang ikalabing apat na araw, namahinga sila at maghapong nagdiwang.

18Sa Lunsod ng Susa, dalawang araw na nagtipon ang mga Judio noong ikalabintatlo at ikalabing apat na araw. Ikalabing limang araw nang sila'y tumigil at nagdiwang buong maghapon.

19Ito ang dahilan kung bakit ang mga Judio sa labas ng Susa ay nagdiriwang nang ikalabing apat na araw ng ikalabindalawang buwan. Maghapon silang nagpista at nagbigayan ng mga pagkain bilang regalo sa isa't isa.

20Ang mga pangyayaring ito'y isinulat ni Mordecai, at sinulatan niya ang lahat ng Judio malayo man o malapit sa kaharian ni Haring Xerxes.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Ipinag-utos niya na ipagdiwang taun-taon ang ikalabing apat at ikalabing limang araw ng ikalabindalawang buwan.

22Itatangi ito ng mga Judio sapagkat sa mga araw na ito nila nalipol ang kanilang mga kaaway. Sa mga araw na iyon, ang kalungkutan nila'y naging kagalakan at naging pagdiriwang ang kanilang pagdadalamhati. Sa mga araw ding iyon, nagbibigayan ng mga pagkain at namamahagi ng mga regalo sa mga dukha.

23Sinunod nga ng mga Judio ang utos ni Mordecai.

24Ang paglipol na ito sa mga kaaway ay ginawa ng mga Judio dahil sa masamang balak na lipulin sila ni Haman na Agagita, anak ni Hamedata, kaaway ng mga Judio. Naitakda ang petsa ng paglipol sa pamamagitan ng palabunutang tinatawag na Pur.

25Ngunit nabaligtad nga ang lahat nang umabot ito sa kaalaman ni Haring Xerxes sa pamamagitan ni Reyna Ester. Nang malaman ito ng hari, nagpakalat siya ng sulat at iniutos na kay Haman gawin ang masamang balak nito sa mga Judio. Ipinabitay siya ng hari gayundin ang kanyang mga anak na lalaki.

26Kaya, ang pistang ito'y tinawag nilang Pista ng Purim, buhat sa salitang Pur. At dahil sa utos na ito ni Mordecai at sa pagkaligtas nila sa panganib,

27ipinasiyang ipagdiwang ang dalawang araw na ito taun-taon. Ito'y gagawin nila, ng kanilang lahi at ng lahat ng mapapabilang sa kanila.

28Patuloy itong aalalahanin ng lahat ng salinlahi, ng bawat sambahayan sa lahat ng lalawigan at lunsod. Hindi nila ito kaliligtaan, hindi rin ititigil.

29Upang pagtibayin ang sulat ni Mordecai tungkol sa Purim, sumulat din si Reyna Ester na anak ni Abihail

30ng liham na naghahatid ng katotohanan at kapayapaan sa 127 lalawigan na sakop ni Haring Xerxes.

31Ipagdiriwang ng lahat ng Judio ang Purim sa takdang panahon tulad ng ipinag-utos ni Mordecai at ni Reyna Ester. Susundin nila ito tulad ng pagsunod nila at ng kanilang mga salinlahi sa mga tuntunin sa pag-aayuno at pagdadalamhati.

32Pinagtibay ng sulat ni Ester ang mga tuntunin sa pagdiriwang ng Pista ng Purim at isinulat ito sa isang aklat.

## Ester 10

### Ang Kadakilaan ni Mordecai

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Pinagbuwis ni Haring Xerxes ang mga lupain at ang maliliit na pulo na kanyang nasasakupan.

2Ang kapangyarihan ng hari, ang lahat ng ginawa niya, pati ng pagkataas sa katungkulan ni Mordecai at ang malaking karangalang ibinigay niya rito ay pawang nakasulat sa Aklat ng Kasaysayan ng mga Hari ng Media at Persia.

3Si Mordecai na isang Judio ay naging kanang kamay ni Haring Xerxes. Siya ay mahal na mahal at iginalang ng mga kapwa niya Judio sapagkat ginawa niya ang lahat para sa kapakanan at kabutihan nila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Job

## Job 1

### Sinubok ni Satanas si Job

1May isang lalaking nakatira sa lupain ng Uz na nagngangalang Job. Siya'y isang mabuting tao, sumasamba sa Diyos at umiiwas sa masamang gawain.

2Mayroon siyang pitong anak na lalaki at tatlong anak na babae.

3Marami siyang tagapaglingkod at siya ang pinakamayaman sa buong silangan. Pitong libo ang kanyang tupa, tatlong libo ang kamelyo, sanlibo ang baka at limandaan ang asno.

4Nakaugalian na ng kanyang mga anak na lalaki na hali-haliling magdaos ng handaan sa kani-kanilang bahay at inaanyayahan nila ang mga kapatid nilang babae.

5Tuwing matatapos ang ganoong handaan, ipinapatawag ni Job ang kanyang mga anak para sa isang rituwal. Maagang bumabangon si Job kinabukasan upang mag-alay sa Diyos ng handog na sinusunog para sa kanyang mga anak dahil baka lihim na nilalapastangan ng mga ito ang Diyos at sila'y magkasala.

6Dumating ang araw na ang mga anak ng Diyos ay humarap kay Yahweh at naroon din si Satanas.

7Tinanong ni Yahweh si Satanas, “Ano ba'ng pinagkakaabalahan mo ngayon?” “Nagpapabalik-balik ako sa lahat ng sulok ng daigdig,” sagot ni Satanas.

8“Napansin mo ba ang lingkod kong si Job?” tanong ni Yahweh. “Wala siyang katulad sa daigdig. Mabuti siyang tao, sumasamba sa akin, at umiiwas sa masamang gawain,” dugtong pa ni Yahweh.

9Sumagot si Satanas, “Sasambahin pa kaya kayo ni Job kung wala na siyang nakukuha mula sa inyo?

10Inaalagaan ninyo siya, ang kanyang pamilya at ang lahat ng ari-arian niya. Pinagpapala ninyo ang lahat ng kanyang gawin, at halos punuin ninyo ng kanyang kayamanan ang buong lupain.

11Subukan ninyong alisin ang lahat-lahat sa buhay niya at harap-harapan niya kayong susumpain.”

12Sinabi ni Yahweh kay Satanas, “Kung gayon, gawin mo nang lahat ang gusto mong gawin sa kanya, huwag mo lamang siyang sasaktan.” At umalis si Satanas sa harapan ni Yahweh.

### Nalipol ang mga Anak ni Job at Naubos ang Kanyang Kayamanan

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[13]Isang araw, nagkakainan at nag-iinuman ang mga anak ni Job sa bahay ng kanilang panganay na kapatid na lalaki.

[14]Walang anu-ano'y dumating kay Job ang isa niyang tauhan. Sinabi nito, “Kasalukuyan po naming pinang-aararo ang mga baka at nanginginain naman ang mga asno,

[15]nang may dumating na mga Sabeo. Kinuha po nila ang mga baka at mga asno at pinatay pa po ang aking mga kasama. Ako lang po ang nakatakas upang magbalita sa inyo.”

[16]Hindi pa ito nakakatapos sa pagbabalita nang may dumating na namang isa. Sinabi naman nito kay Job, “Tinamaan po ng kidlat ang mga tupa at mga pastol at namatay lahat; ako lang po ang nakaligtas upang magbalita sa inyo.”

[17]Hindi pa ito halos tapos magsalita nang may isa na namang dumating. Ang sabi nito, “Sinalakay po kami ng tatlong pangkat ng mga Caldeo. Kinuha nila ang lahat ng kamelyo at pinatay ang aking mga kasama. Ako lang po ang nakatakas upang magbalita sa inyo.”

[18]Hindi pa rin ito halos tapos magsalita nang may dumating na namang isa at nagsabi, “Habang ang mga anak po ninyo ay nagkakainan at nag-iinuman sa bahay ng panganay nilang kapatid,

[19]hinampas po ng napakalakas na hangin ang bahay at bumagsak. Nabagsakan po sila at namatay lahat. Ako lang po ang natirang buháy upang magbalita sa inyo.”

[20]Tumayo si Job, pinunit ang kanyang damit at nag-ahit ng ulo. Pagkatapos, nagpatirapa siya at sumamba sa Diyos.

[21]Ang sabi niya, “Hubad akong lumabas sa sinapupunan ng aking ina, hubad din akong babalik sa lupa. Si Yahweh ang nagbigay, si Yahweh rin ang babawi. Purihin si Yahweh!”

[22]Sa kabila ng mga pangyayaring ito, hindi niya sinisi ang Diyos, kaya't hindi siya nagkasala laban sa kanya.

## Job 2

### Sinubok Muli ni Satanas si Job

[1]Muling humarap kay Yahweh ang mga anak ng Diyos, at naroon din si Satanas.

[2]Tinanong ni Yahweh si Satanas, ang Tagapagparatang. “Saan ka nanggaling?” Sumagot si Satanas, “Nagpapabalik-balik at naglilibot ako sa buong daigdig.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3“Napansin mo ba ang lingkod kong si Job?” tanong ni Yahweh. “Wala siyang katulad sa daigdig. Mabuti siyang tao, sumasamba sa akin, at umiiwas sa masamang gawain. Hinimok mo akong pinsalain siya kahit walang sapat na dahilan, subalit nananatili pa rin siyang tapat sa akin,” sabi pa ni Yahweh.

4Sumagot si Satanas, “Kahit anong bagay ay ibibigay ng tao, huwag lamang siyang mamatay.

5Subukin ninyong saktan ang kanyang katawan at sigurado kong susumpain niya kayo nang harap-harapan!”

6Sinabi ni Yahweh, “Kung gayon, gawin mo ang gusto mong gawin sa kanya, huwag mo lamang siyang papatayin.”

7Kaya umalis si Satanas sa harapan ni Yahweh at tinadtad ng nagnanaknak na sugat ang buo nitong katawan mula ulo hanggang talampakan.

8Naupo si Job sa tabi ng basurahan at kinamot niya ng isang pirasong basag na palayok ang kanyang mga sugat.

9Sinabi ng kanyang asawa, “Mananatili ka pa bang matuwid? Sumpain mo ang Diyos at nang mamatay ka na!”

10Ang sagot ni Job, “Hindi mo naiintindihan ang iyong sinasabi. Pagpapala lang ba ang tatanggapin mo sa Diyos? Hindi ba natin tatanggapin kung bigyan niya tayo ng pagdurusa?” Sa kabila ng kanyang paghihirap, hindi nagsalita si Job ng laban sa Diyos.

### Dinalaw si Job ng Kanyang mga Kaibigan

11Ang masamang nangyari kay Job ay nabalitaan ng tatlo niyang kaibigang si Elifaz na Temaneo, si Bildad na Suhita, at si Zofar na Naamita. Nagkasundo silang tatlo na dalawin si Job upang palakasin ang loob niya at makiramay sa kanya.

12Malayo pa sila'y nakita na nila si Job ngunit hindi nila ito nakilala. Nang makilala nila ito, hindi nila napigilang umiyak nang malakas. Pinunit nila ang kanilang mga damit at naglagay ng abo sa ulo dahil sa pagdadalamhati.

13Pitong araw at pitong gabi silang naupo sa lupa kasama ni Job. Ngunit hindi nila ito pinagsabihan ng kahit ano sapagkat nakikita nilang hirap na hirap ito sa kanyang kalagayan.

## Job 3

### Dumaing si Job sa Diyos

1Pagkaraan ng matagal na pananahimik, nagsalita si Job at isinumpa ang araw nang siya'y isilang.

2Ito ang kanyang sinabi:

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[3]“Hindi na sana ako ipinanganak pa at hindi na rin sana ako ipinaglihi.

[4]Nabalot na sana ng dilim at huwag mo na sanang maalala pa ang araw na iyon, O Diyos. Huwag mo na sanang pasikatan pa ito ng liwanag.

[5]Nanatili na lamang sana ito sa takip ng kadiliman, at nabalot ng ulap, upang huwag nang sikatan ng araw.

[6]Nalagas sana ito sa tangkay ng panahon, at hindi na napabilang sa aklat ng kasaysayan.

[7]Ang gabing iyon sana'y malumbay; wala na sanang sigaw ng kagalakan,

[8]at sumpain ng mga salamangkerong nagpapaamo ng dambuhalang Leviatan.

[9]Huwag na sanang sumikat ang bituin sa umaga, at huwag na sanang sundan ng umaga ang gabi.

[10]Sumpain ang gabi ng aking pagsilang na nagdulot sa akin ng ganitong kahirapan.

[11]“Bakit hindi pa ako namatay sa tiyan ng aking ina, o kaya'y noong ako'y isilang niya?

[12]Bakit kaya ako ay idinuyan pa, kinalong, inalagaan, at binigyan ng gatas sa dibdib niya?

[13]Kung namatay ako noon, ako sana'y tahimik na, mahimbing na natutulog at nagpapahinga.

[14]Katulad ng mga hari at pinunong yumao, na noong panahon nila'y nagtayo ng mga palasyo.

[15]Tahimik na sana ako tulad ng mga pinunong nakapag-imbak sa kanilang bahay ng mga ginto at pilak,

[16]o tulad ng mga sanggol na patay nang ipanganak at hindi na nakakita pa ng liwanag.

[17]Sa libinga'y hindi na makakapanggulo ang mga masasama, at doon ang mga napapagod ay makakapagpahinga.

[18]Doon, pati mga bihag ay wala nang ligalig, wala nang mga sigaw at utos na mabagsik.

[19]Ang mga abâ at mga dakila ay sama-sama roon, ang mga alipin ay malaya na sa kanilang panginoon.

[20]“Bakit pa isinilang kung magdurusa rin lamang? At bakit pa binuhay kung daranas din lang ng kahirapan?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

21Kamataya'y hinahanap ngunit hindi matagpuan, hinuhukay at ninanais higit pa sa kayamanan.

22Sa kanila'y ubod-tamis nitong kamatayan.

23Ano kaya ang dahilan at ang tao'y isinilang, kung inilihim naman ng Diyos ang kanyang patutunguhan?

24Karaingan ang aking pagkain, pagtitiis ang aking inumin.

25Ang kinatatakutan ko ang siyang nangyari sa akin, at ang pinakaaayawan ko ang dumating sa akin.

26Hindi ako mapalagay, wala akong kapayapaan, kaguluhan sa buhay ko ay walang katapusan."

## Job 4

**Ang Unang Sagutan**
(4:1–14:22)

1Sinabi ni Elifaz na Temaneo,

2"Huwag mo sanang ikasamâ ng loob ang aking sasabihin, di ko na kayang manahimik, di na ako makapagpigil.

3Marami na ring tao ang iyong naturuan, at mahihinang kamay ay iyong natulungan.

4Salita mo'y nagpalakas sa nanlulupaypay, sa mahina't pagod pangaral mo'y umalalay.

5Ngayong ikaw na ang dumaranas ng matinding kahirapan, nawawalan ka ng pag-asa at parang nais mong mabuwal?

6Di ba't may takot ka sa Diyos at masunurin sa kanya? Kaya dapat magtiwala ka at magkaroon ng pag-asa.

7"Isipin mong mabuti: mayroon bang walang sala na napahamak ang buhay, mayroon bang mabuting tao na dumanas ng kasawian?

8Ang alam ko'y ang mga naghahasik ng kasamaan ay sila ring nag-aani ng kaguluhan.

9Kaya naman ang Diyos sa tindi ng galit sa kanila, parang dinaanan ng bagyo sila'y pinupuksa niya.

10Mga masasamang tao'y parang leong umuungal, ngunit pinatatahimik sila ng Diyos, ngipin nila'y tinatanggal.

11Para silang leong walang mabiktima, namamatay sa gutom, at nagkakawatak-watak ang mga anak nila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12“Minsan, ako ay may narinig, salitang ibinulong sa aking pandinig.

13Sa lalim ng hatinggabi parang ako'y nanaginip kung kailan ang tao'y mahimbing na naiidlip.

14Ako'y sinakmal ng matinding takot, ako'y kinilabutan at nangatog ang tuhod.

15Malamig na hangin, dumampi sa mukha ko, sa takot ay nagtayuan ang aking balahibo.

16May nakita akong doon ay nakatayo, ngunit di ko mapagwari ang kanyang anyo. Maya-maya, narinig ko ang isang tinig:

17‘Maaari bang maging matuwid ang isang tao sa paningin ng Diyos? Sa harap ng Lumikha, mayroon bang malinis ang loob?

18Mga lingkod niya sa langit di niya pinagkakatiwalaan, sa kanya mismong mga anghel may nakikita siyang kamalian.

19Paano pa siya magtitiwala sa taong mula sa alabok? Tulad ng gamu-gamo, ito ay marupok.

20Ang tao'y buháy ngayon, ngunit hindi tiyak kung mamaya; siya pala ay patay na, di pa alam nitong madla.

21Ang lahat niyang taglay sa kanya'y mawawala, sa kanyang pagkamatay kulang pa rin sa unawa.’

## Job 5

1“Sumigaw ka, Job, kung may sasagot sa iyo. Mayroon bang anghel na sa iyo'y sasaklolo?

2Ang sama ng loob ay pumapatay sa mga taong hangal. Ang pagkainggit ay kumikitil sa mga taong mangmang.

3Nakakita na ako ng mga hangal na panatag kung titingnan, ngunit bigla kong sinusumpa ang kanilang mga tahanan.

4Walang matakbuhan ang kanilang mga anak, walang sinuman ang sa kanila'y magligtas.

5Ang kanilang ani'y kinakain ng mga gutom, kahit ang nasa tinikan, inaagaw sa kanila. Ninanasa ng mga uhaw ang kayamanan nila.

6Ang kahirapa'y hindi sa alabok nagmula, at ang kaguluha'y hindi tumutubo sa lupa.

7Tiyak na daranas ng kahirapan ang tao, kung paanong may tilamsik ng apoy sa apuyan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8“Kung ako sa iyo, lalapit ako sa Diyos, at ang aking kalagayan, sa kanya idudulog.

9Mga dakilang gawa niya'y di natin mauunawaan, mga kababalaghan niya ay walang katapusan.

10Ang lupa'y pinadadalhan niya ng ulan, mga bukiri'y kanyang pinatutubigan.

11Ang nagpapakumbaba ay kanyang itinataas, ang mga nalulungkot, kanyang inililigtas.

12Mga pakana ng mga tuso'y kanyang sinisira, kaya anumang gawin nila'y wala silang napapala.

13Ang mga tuso'y inihuhulog niya sa sarili nilang bitag, kanilang mga pakana'y kaagad nagwawakas.

14Di makita ang daan kahit na sa araw, sila'y nangangapa kahit katanghalian.

15Ngunit inililigtas ng Diyos ang mga ulila, iniaahon niya sa kaapihan ang mga dukha.

16Binibigyan niya ng pag-asa ang mga dukha, pinatatahimik niya ang masasama.

17“Mapalad ang taong dinidisiplina ng Diyos na Makapangyarihan, ang pagtutuwid niya sa iyo'y huwag mong ipagdamdam.

18Ginagamot niya ang kanyang nasugatan, pinapagaling niya ang kanyang nasaktan.

19Sa tuwi-tuwina, paningin niya'y nasa iyo, upang ikaw ay ingatan, laging handang sumaklolo.

20Sa panahon ng taggutom, di ka niya pababayaan, at kung sa digmaan ay hindi ka niya iiwan.

21Ililigtas ka niya sa dilang mapanira, at di ka matatakot sa kapahamakan.

22Kaguluhan at taggutom, iyo lamang tatawanan, at mababangis na hayop, hindi mo katatakutan.

23Walang mga bato sa bukid na iyong sasakahin, maiilap na hayop, di ka lalapain.

24Magiging ligtas ang iyong tahanan, at ang iyong mga kawan ay hindi mababawasan.

25Ang lahi mo ay di mapipigil sa paglaki; tulad ng damo, ang mga supling mo ay darami.

26Tatamasahin mo ang mahabang buhay, katulad ng bungang nahinog sa panahon ng anihan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

27Ang mga ito'y aming matagal na pinag-aralan, pakinggan mo't alamin pagkat ito'y katotohanan.”

## Job 6

### Sinisi ni Job ang mga Kaibigan

1Ang sagot ni Job:

2“Ang suliranin ko't paghihirap, kung titimbanging lahat,

3magiging mabigat pa kaysa buhangin sa dagat; kaya mabibigat kong salita'y huwag ninyong ikagulat.

4Ako'y pinana ng Diyos na Makapangyarihan, lason ng palaso'y kumalat sa aking katawan, galit ng Diyos, sa akin ay inihanay.

5Walang angal ang asno kung sa damo ay sagana, at ang baka ay tahimik kung may dayaming nginunguya.

6Ang pagkaing walang asin, may sarap bang idudulot? Mayroon bang lasa ang puti ng itlog?

7Sa lahat ng iyan ay nawala ang aking gana, sapagkat kung kainin ko man, pilit na ring isusuka.

8“Ibigay sana ng Diyos ang aking hinihiling, sana'y ipagkaloob niya ang aking hangarin.

9Higit ko pang nanaisin at aking ikagagalak ang buhay na taglay ko ay bigyan na niya ng wakas.

10Kapag nangyari ito, ako'y liligaya, sa gitna ng pagdurusa, lulundag sa saya. Alam kong banal ang Diyos, kaya di ko sinusuway, kanyang mga utos.

11Ang lakas ko ay ubos na, di na ako makatagal, kung wala rin lang pag-asa ay bakit pa mabubuhay?

12Ako nama'y hindi bato, at hindi tanso ang katawan ko.

13Ako'y wala nang lakas upang iligtas ang sarili ko, wala na akong matakbuhan upang hingan ng saklolo.

14“Sa magulong kalagayan, kailangan ko'y kaibigan, tumalikod man ako o hindi sa Diyos na Makapangyarihan.

15Ngunit kayong mga kaibigan ko'y di ko maaasahan, para kayong sapang natutuyo kapag walang ulan.

16-17Kung taglamig, ang ilog ay pawang yelo, pagsapit ng tag-araw, nawawalang lahat ito; ang ilog ay natutuyo, walang laman kahit ano.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Sa paghahanap ng tubig, naliligaw ang mga manlalakbay, at sa gitna ng disyerto ay doon na namamatay.

19Naghanap ang manlalakbay na taga-Tema at ang taga-Seba,

20ngunit pag-asa nila'y nawala sa tabi ng tuyong sapa.

21Para kayong mga batis na ang tubig ay natuyo; kaya kayo ay nabigla nang makita n'yo ang aking anyo.

22Sa inyo ba kahit minsan ako ay nagpatulong? Kailan ba ako humingi sa inyo ng pansuhol?

23Ako ba kahit minsa'y napasaklolo sa inyo? Hiniling ko bang sa kaaway ay tubusin ninyo ako?

24“Pagkakamali ko'y sabihin at ako'y turuan, ako'y tatahimik upang kayo'y pakinggan.

25Mga salitang tapat, kay gandang pakinggan, ngunit mga sinasabi ninyo'y walang katuturan.

26Kung ang sinasabi ko ay walang kabuluhan, bakit ninyo sinasagot itong aking karaingan?

27Kahit sa mga ulila kayo'y magpupustahan, pati kaibigan ninyo'y inyong pagsusugalan.

28Tingnan ninyo ako nang harapan, hindi ko kayo pagsisinungalingan,

29Lumalabis na ang mali ninyong paratang, tigilan n'yo na iyan pagkat ako'y nasa katuwiran.

30Akala ninyo ang sinasabi ko'y hindi tama, at hindi ko nakikilala ang mabuti sa masama.

# Job 7

### Ipinahayag ni Job ang Kanyang Pagdaramdam

1“Ang buhay ng tao'y punung-puno ng pagod, tulad ng kawal at manggagawang pilit na pinaglingkod.

2Siya'y tulad ng alipin, na naghahanap ng lilim, tulad ng manggagawa, sahod ang ninanasa.

3Buhay ko'y wala nang kahulugan sa paglipas ng mga buwan, at tuwing sasapit ang gabi ako ay nagdadalamhati.

4Ang gabi ay matagal, parang wala nang umaga, di mapanatag sa higaan, hanggang umaga'y balisa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Itong buo kong katawan ay tadtad ng mga sugat, inuuod, kumikirot, ang nana ay lumalabas.

6Mga araw ko'y lumilipas nang walang pag-asa, kay bilis umikot parang sa makina.

7“Alalahanin ninyong ang buhay ko'y isang hininga lamang, hindi na ako muling makakakita nang kabutihan.

8Kaunting panahon na lang at ako ay papanaw, di na ninyo ako makikita, at di na matatagpuan.

9Tulad ng ulap na napapadpad at naglalaho, kapag namatay ang tao, di na siya makakabalik sa mundo.

10Hindi na siya makakauwi kailanman, mga kakilala niya, siya'y malilimutan.

11Kaya ako'y hindi mapipigil na magbuka nitong bibig, upang ibulalas ang pait sa loob ng aking dibdib.

12Bakit ako'y inyong binabantayan? Ako ba'y dambuhalang mula sa karagatan?

13Ako ay nahihiga upang ako'y magpahinga, upang kahit sandali sakit ko ay mapawi.

14Ngunit maging sa pagtulog ako'y iyong tinatakot, masasamang panaginip, pangitain at mga bangungot.

15Kaya, nais ko pang ako ay mabigti, kaysa mabuhay sa katawang may pighati.

16Ako'y hirap na hirap na, ayaw ko nang mabuhay; iwan mo na ako, buhay ko'y wala rin lang saysay.

17“Ano ba ang tao upang iyong pahalagahan, bakit pinapansin mo ang kanyang mga galaw?

18Tuwing umaga siya'y iyong sinusuri, sinusubok mo siya sa bawat sandali.

19Kahit saglit, ilayo mo sa akin ang iyong tingin, nang ako'y magkapanahon na laway ay lunukin.

20Kung ako'y nagkasala, ano ba naman iyon sa iyo? Ikaw na tagapagmasid ng mga tao, bakit ba ako ang napagbubuntunan mo? Ako ba ay isang pabigat sa iyo?

21Bakit di pa patawarin ang aking kasalanan? Bakit di pa kalimutan ang aking pagkukulang, ako rin lang ay patungo na sa huli kong hantungan? Ako'y iyong hahanapin ngunit di matatagpuan.”

## Job 8

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Makatarungan ang Diyos

1Ito naman ang sagot ni Bildad na Suhita:

2“Hanggang kailan ka magsasalita ng ganyan, mga salitang parang hangin at walang kabuluhan?

3Hindi pinipilipit ng Diyos ang katarungan; hindi binabaluktot ng Makapangyarihan ang katuwiran.

4Maaaring nagkasala sa Diyos ang iyong mga anak, kaya't ibinigay niya sa kanila ang parusang nararapat.

5Ngunit kung ikaw ay lalapit at makiusap sa Diyos na Makapangyarihan,

6kung ikaw ay talagang tapat, at malinis ang kalooban, tutulungan ka ng Diyos; gagantimpalaan at ibabalik niya ang iyong sambahayan.

7Maliit na bagay ang mga nawala mong kayamanan, kung ihahambing ang sa iyo'y kanyang ibibigay.

8“Alamin mo ang mga nagdaang kasaysayan, itanong sa matatanda ang kaalamang natuklasan.

9Buhay nati'y maikli lang, at kaalaman nati'y kulang; parang anino lamang tayong dumaan sa ibabaw ng sanlibutan.

10Pakaisipin mo ang kanilang mga aral, ang kanilang sinasabi ay iyong pakinggan.

11“Ang halaman sa tubigan ay di mabubuhay, kundi sa matubig at malamig na lugar lamang.

12Ito'y unang nalalanta kapag ito ay natuyuan, kahit bagong tubo pa lang at di pa napuputulan.

13Ganyan ang katulad ng mga taong walang Diyos, pag-asa ay mawawala kapag ang Diyos ay nilimot.

14Ang mga bagay na pinagkakatiwalaan nila'y kasingrupok lamang ng sapot ng gagamba.

15Kapag ito'y sinandalan, agad itong nalalagot, kapag ito'y hinawakan, tiyak itong masisira.

16“Ang masasamang tao'y parang damong nagsusulputan, tulad ng masamang damong kumakalat sa halamanan.

17Bumabalot sa mga bato ang kanilang mga ugat, at sa bawat bato sila'y humahawak.

18Ngunit kapag sila'y nabunot sa kinatatamnan, wala nang nakakaalala sa dati nilang kalagayan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Ganyan ang kasiyahan ng masasamang tao, may iba namang lilitaw at kukuha ng kanilang puwesto.

20“Hindi pababayaan ng Diyos ang mabuting tao, ngunit sa masama'y hindi siya sasaklolo.

21Patatawanin ka niya at pasisigawin sa tuwa,

22ngunit ang mga kaaway mo'y kanyang ipapahiya, at ang tahanan ng masasama ay ganap na mawawala.”

## Job 9

### Ang Sagot ni Job

1Ito naman ang tugon ni Job:

2“Matagal ko nang alam ang mga bagay na iyan, ngunit sino bang matuwid sa harap ng Maykapal?

3Mayroon bang maaaring makipagtalo sa kanya? Sa sanlibo niyang tanong, walang makakasagot kahit isa.

4Ang Diyos ay matalino at makapangyarihan, sinong lumaban na sa kanya at nagtagumpay?

5Walang sabi-sabing inuuga niya ang bundok, sa tindi ng kanyang galit, ito'y kanyang dinudurog.

6Ang buong lupa ay kanyang niyayanig, at inuuga niya ang saligan ng daigdig.

7Maaari niyang pigilan ang pagsikat ng araw, pati ang mga bituin sa kalangitan.

8Mag-isa niyang inilatag ang sangkalangitan, kanyang tinapakan ang dambuhalang karagatan.

9Siya ang gumawa ng mga bituin sa kalawakan, sa ‘Oso,’ sa ‘Orion,’ sa ‘Pleyades’ at sa mga kumpol ng mga bituin sa katimugan.

10Makapangyarihan niyang gawa ay hindi maunawaan, ang kanyang mga himala ay hindi mabibilang.

11Siya'y nagdaraan ngunit hindi ko mamasdan, siya'y kumikilos ngunit hindi ko maramdaman.

12Nakukuha niya ang anumang magustuhan, at sa kanya'y walang makakahadlang, walang makakapagtanong, ‘Bakit mo ginawa iyan?’

13“Ang poot ng Diyos ay hindi maglulubag sa mga tumulong sa dambuhalang si Rahab.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Paano ko masasagot ang tanong niya sa akin? Maghahanap pa ako ng mga salitang aking bibigkasin.

15Kahit ako'y walang sala, ang tangi kong magagawa, sa harap ng Diyos na hukom ay magmakaawa.

16Kahit bayaan niyang ako'y magsalita, hindi ko rin matiyak kung ako'y papakinggan nga.

17Malakas na bagyo at mga sugat ang sa aki'y ibinigay, kahit wala naman siyang sapat na dahilan.

18Ang hininga ko ay halos kanya nang lagutin, puro kapaitan ang idinulot niya sa akin.

19Sa lakas niyang taglay hindi siya kayang talunin, hindi siya maaaring pilitin at sa hukuman ay dalhin.

20Ako'y walang kasalanan at tapat na namumuhay, ngunit bawat sabihin ko ay laban sa aking katauhan.

21Wala nga akong sala, ngunit hindi na ito mahalaga, wala nang halaga ang aking sarili, pagod na akong mabuhay.

22Iisa ang pupuntahan ng lahat, ito ang aking nasabi. Kapwa wawasakin ng Diyos ang masama at ang mabuti.

23Kung ang taong matuwid ay biglang namatay, tinatawanan ng Diyos ang sinapit ng kawawa.

24Hinayaan niyang ang daigdig ay pagharian ng masama, ang paningin ng mga hukom ay tinatakpan niya. Kung di siya ang may gawa nito, sino pa nga kaya?

25“Ang aking mga araw ay mabilis lumilipas, walang mabuting nangyayari kaya't nagmamadaling tumatakas.

26Parang mabilis na bangka ang buhay kong ito, kasing bilis ng agila kung dumadagit ng kuneho.

27Kung kakalimutan ko na lang ang aking pagdurusa, at tatawanan ko na lang ang aking problema,

28nangangamba ako na inyong ipalagay, na ang kasawian ko ay bunga ng aking kasalanan.

29Kung ako'y napatunayan nang nagkasala, anong pagsisikap ang magagawa ko pa?

30Hindi ako malilinis ng kahit anong sabon, hindi na ako puputi kuskusin man ng apog,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

31matapos mo akong ihagis sa napakaruming balon. Ikinahihiya ako maging ng aking sariling damit.

32Kung ang Diyos ay tao lang, siya'y aking sasagutin, kahit umabot sa hukuman ang aming usapin.

33Ngunit sa aming dalawa'y walang tagapamagitan, upang alitan namin ay kanyang mahatulan.

34Ang pamalo ng Diyos sana'y ilayo na sa akin, at huwag na sana niya akong takutin.

35At ihahayag ko ang nais kong sabihin, sapagkat ako ang nakakaalam ng sarili kong damdamin.

## Job 10

### Idinaing ni Job ang Kanyang Kalagayan

1“Ako'y nagsasawa na sa buhay kong ito, sasabihin ko nang lahat, mapapait kong reklamo.

2Aking Diyos, huwag n'yo muna akong hatulan, sabihin ninyo sa akin ang inyong paratang.

3Tama ba namang iyong pagmalupitan, parusahan at itakwil ang likha ng iyong kamay? At ang gawain ba ng masamang tao ang iyong magugustuhan?

4Ang iyo bang nakikita'y tulad din ng nakikita namin?

5Ang iyo bang buhay ay maikling tulad ng sa amin?

6Kung gayo'y bakit mo ako hinahanapan ng pagkakasala at kamalian?

7Alam mo namang wala akong kasalanan, at walang makakapagligtas sa akin mula sa iyong mga kamay.

8“Ang mga kamay mo ang sa aki'y lumikha, ngayo'y kamay mo rin ang sa aki'y sumisira.

9Di ba't mula sa lupa ay ginawa mo ako, ngayon ba'y pupulbusin at ibabalik dito?

10Niloob mong ako'y manggaling sa aking ama, inaruga, pinalaki sa tiyan ng aking ina.

11Nilagyan mo ng buto at litid ang aking katawan, saka binalutan ng balat at kalamnan.

12Ako'y binigyan mo ng buhay at wagas na pagmamahal, at ang pagkalinga mo ang sa aki'y bumuhay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Ngunit ngayo'y alam ko na, ang iyong balak, matagal nang panahong gusto
akong ipahamak.

14Kapag ako'y nagkasala, ito'y iyong tinatandaan, upang ipagkait mo sa akin
ang kapatawaran.

15Kapag ako'y nagkasala, may katapat itong parusa, kapag gumawa ako ng
mabuti, wala namang gantimpala. Punung-puno ng kahihiyan, itong aking
abang buhay.

16Kung ako'y magtagumpay, parang leon mong tutugisin, gumagamit ka pa
ng himala upang ako'y kalabanin.

17Palagi kang may testigo laban sa akin, ang galit mo sa aki'y tumitindi bawat
oras, palagi kang may naiisip na panibagong bitag.

18"Bakit mo hinayaang ako ay isilang pa? Namatay na sana ako bago pa
mayroong sa aki'y nakakita.

19Bago ako isinilang ako sana'y namatay na, sa libingan sana nagtuloy mula
sa tiyan ng aking ina.

20Maikli na ang aking buhay kaya't ako'y tigilan mo na upang sa aking
natitirang araw makadama ng kaunting ginhawa.

21Ako'y malapit nang pumanaw, at hindi na magbabalik; ang pupuntahan ko'y
madilim at mapanglaw na daigdig.

22Isang lupain ng anino at kaguluhan, na ang pinakailaw ay ang kadiliman."

## Job 11

### Ang Sagot ni Zofar kay Job

1Sumagot naman si Zofar na isang Naamita,

2"Palalampasin na lang ba ang napakarami mong sinabi? Tama ba ang isang
tao kapag ito ay maraming salita?

3Akala mo ba'y di masasagot ang mga sinabi mo, at sa iyong pangungutya,
kami'y di na makapagsasalita?

4Ipinipilit mong tama ang iyong paniniwala, at sa harap ng Diyos ika'y malinis
na lubos.

5Magsalita sana ang Diyos upang ika'y masagot.

6Upang masabi sa iyo ang mga lihim ng karunungan, sapagkat napakalalim
ng kanyang kaalaman, parusa nga niya sa iyo'y mas maliit kaysa iyong
kasalanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7“Masusukat mo ba ang kapangyarihan ng Diyos? Kanyang kadakilaan, iyo bang maaabot?

8Higit itong mataas kaysa kalangitan, at mas malalim kaysa daigdig ng mga patay.

9Malawak pa iyon kaysa sanlibutan, higit na malaki kaysa karagatan.

10Kung dakpin ka ng Diyos at iharap sa hukuman, mayroon bang sa kanya'y makakahadlang?

11Kilala ng Diyos ang taong walang kabuluhan, kitang-kita niya ang kanilang kasamaan.

12Ang hangal ay maaaring tumalino kung ang mailap na asno ay ipinanganak nang maamo.

13“Ang iyong puso, Job, sa Diyos mo isuko at sa kanya iabot ang mga kamay mo.

14Alisin mo ang kasalanan sa iyong mga kamay, linisin mo sa kasamaan ang iyong tahanan.

15At taas noo kang haharap sa sanlibutan, matatag ang loob, walang kinatatakutan.

16Mga pagdurusa mo ay malilimutan, para lamang itong bahang nagdaan.

17Magliliwanag ang iyong buhay, higit pa sa sikat ng araw, ang buhay mong nagdilim ay magbubukang-liwayway.

18Papanatag ang buhay mo at mapupuno ng pag-asa; iingatan ka ng Diyos, at bibigyan ng pahinga.

19Wala kang kaaway na katatakutan; maraming lalapit sa iyo upang humingi ng tulong.

20Ngunit ang masama, kabiguan ang madarama, walang kaligtasan kahit saan sila magpunta, at kamatayan lamang ang kanilang pag-asa.”

## Job 12

### Inilahad ni Job ang Kapangyarihan at ang Kaalaman ng Diyos

1Ang sagot ni Job:

2“Walang duda na ikaw ang tinig ng bayan; kapag ika'y namatay, karunungan ay kasama mong papanaw.

3Kung may pang-unawa ka, ako'y mayroon din, di mo masasabing higit ka kaysa akin, lahat ng sinabi mo'y nalalaman ko rin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Pinagtatawanan ako ngayon ng aking mga kaibigan, kahit ako ay matuwid at walang kasalanan, minsan din nama'y sinagot ng Diyos ang aking kahilingan.

5Maginhawa ka ngayon, ngunit ako'y iyong kinukutya, hinahampas mo ang isang taong babagsak na sa hina.

6Ang mga tulisan at masasamang tao'y panatag ang buhay, kahit ang dinidiyos nila ay ang lakas nilang taglay.

7"Sa mga hayop at mga ibon ika'y may matututunan, magtanong ka sa kanila, at ikaw ay tuturuan.

8Kausapin mo ang lupa at ikaw ay tuturuan, magpapahayag sa iyo ang mga isda sa karagatan.

9Silang lahat ay nakakaalam na ang Diyos ang sa kanila'y lumalang.

10Ang Diyos ang nagpapagalaw sa lahat ng bagay, ang buhay ng bawat isa ay nasa kanyang mga kamay.

11Nalalasahan ng dila ang mga pagkain, naririnig ng tainga ang salitang dumarating.

12"Ang matatanda ay may taglay na karunungan, pinalawak ang unawa sa haba ng karanasan.

13Ngunit likas sa Diyos ang kaalaman at kapangyarihan, taglay niya'y karunungan at katalinuhan.

14Walang makakapagtayo muli ng kanyang giniba, sinumang ikulong niya'y walang makakapagpalaya.

15Nagkakaroon ng tagtuyot kapag pinigilan niya ang ulan, dumarating ang baha kapag tubig ay kanyang pinakawalan.

16"Makapangyarihan siya at laging nagtatagumpay, ang mandaraya at dinadaya ay nasa kanyang mga kamay.

17Inaalis niya sa mga pinuno ang taglay nilang dunong, ginagawa niyang hangal ang mga hukom.

18Inaalis niya sa mga hari ang pamamahala, at sila'y ginagapos niya ng mga tanikala.

19Maging mga pari'y kanyang hinihiya, mga nasa kapangyarihan kanyang ibinababâ.

20Mga pinagkakatiwalaang tao'y kanyang pinatatahimik, talino ng matatanda'y kanya ring inaalis.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[21]Mga pinuno'y inilalagay niya sa kahihiyan, mga namamahala'y inaalisan niya ng kalakasan.

[22]Pinakamalalim na hiwaga'y kanyang inihahayag, maitim na kadilima'y pinapalitan niya ng liwanag.

[23]Mga bansa'y pinapalakas niya't pinapalawak, ngunit kanya ring ginagapi at tuloy winawasak.

[24]Karunungan ng mga hari'y ginagawang kahangalan, sa pagpapasya'y nalilito, di alam ang pupuntahan.

[25]Sa dilim sila'y nangangapa, sa paglakad ay naliligaw, animo'y mga lasing, sa daan ay sumusuray.

## Job 13

### Iginiit ni Job na Wala Siyang Kasalanan

[1]“Lahat ng sinabi mo ay narinig ko na rin,

[2]Ang alam mo'y alam ko rin, hindi ka higit sa akin.

[3]Hindi kayo ang kausap ko kundi ang Diyos na Makapangyarihan, sa kanya ko idudulog itong aking kalagayan.

[4]Ngunit kayo'y mga sinungaling, tulad ninyo'y manggagamot, na walang kayang pagalingin.

[5]Tumahimik na lamang sana kayo, baka akalain pa ng iba na kayo'y matalino.

[6]Pakinggan ninyo ngayon ang aking sasabihin, at ang aking panig ay inyong unawain.

[7]Bakit ba kayo'y nagsasalita ng di katotohanan? Makatutulong ba sa Diyos ang inyong kasinungalingan?

[8]Kayo ba ang tatayo at siya ay ipaglalaban? Kayo ba ang magtatanggol sa kanyang kalagayan?

[9]Kung siyasatin kayo ng Diyos, ano kaya ang makikita, siya ba'y inyong madadayang tulad ng iba?

[10]Tiyak na siya'y magagalit, kayo ay pagsasabihan, kahit pa lihim na mayroon kayong kinikilingan.

[11]Sasakmalin kayo ng takot pagkat siya'y makapangyarihan.

[12]Mga kasabihan ninyo'y walang silbi tulad ng abo, singhina ng putik ang mga katuwiran ninyo.

[13]“Tumahimik na lang kayo at ako'y pasalitain, hayaang mangyari ang mangyayari sa akin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Nakahanda akong itaya ang buhay kong angkin.

15Hindi ako natatakot kung ako man ay patayin, maiharap lamang sa kanya
itong aking usapin.

16Maaaring iligtas ako ng aking katapangan, sapagkat wala namang
masamang tao na makakaharap sa Maykapal.

17Pakinggan mong mabuti itong aking sasabihin, itong paliwanag ko ay iyong
unawain.

18Nakahanda akong ilahad ang aking panig, sapagkat alam ko namang ako
ay nasa katuwiran.

19"O Diyos, lalapit ka ba upang ako'y usigin? Kung gayon, handa akong
manahimik at mamatay.

20Mayroon akong dalawang kahilingan, at ako'y di magtatago kung iyong
papayagan.

21Itigil mo na itong pagpaparusa sa akin, at sa takot ay huwag mo akong
patayin.

22"Magsalita ka, at aking tutugunin, o kaya'y sagutin mo ang aking sasabihin.

23Saan ba ako nagkamali, ano ba ang aking kasalanan? Pagkakasala ko'y
maaari ko bang malaman?

24"Bakit ako'y iyong pinagtataguan? Bakit itinuturing mo akong isang
kaaway?

25Para akong isang dahon, huwag mo na akong takutin, ang katulad ko'y ipa,
na tinatangay ng hangin.

26Kay pait naman ng iyong mga paratang, kasalanan ko noong ako'y bata iyo
pang ibinibilang.

27Itong aking mga paa'y nilagyan pa ng gapos, tinitingnan, sinusuri ang aking
bawat kilos.

28Kaya't ako'y parang kahoy na nabubulok, parang damit na nasisira, unti-
unting nauubos.

## Job 14

### Maikli ang Buhay ng Tao

1"Ang buhay ng tao'y maikli lamang, subalit punung-puno ng kahirapan.

2Tulad ng bulaklak na namumukadkad, nalalanta at nalalagas, parang
aninong nagdaraan, naglalaho at napaparam.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Titingnan mo pa ba ang ganitong nilalang? Dadalhin mo pa ba siya sa hukuman?

4Mayroon bang malinis na magmumula, sa taong marumi at masama?

5Sa simula pa'y itinakda na ang kanyang araw, at bilang na rin ang kanyang mga buwan, nilagyan mo na siya ng hangganan na hindi niya kayang lampasan.

6Lubayan mo na siya at pabayaan, nang makatikim naman kahit kaunting kaginhawahan.

7“Kahoy na pinutol ay may pag-asa, muli itong tutubo at magsasanga.

8Kahit pa ang ugat nito ay matanda na, at mamatay ang puno sa kinatatamnan niya,

9ngunit ito'y nag-uusbong kapag diniligan, ito'y magsasanga tulad ng batang halaman.

10Ngunit ang tao kapag namatay, iyon na ang kanyang katapusan, pagkalagot ng kanyang hininga, saan naman kaya siya pupunta?

11“Tulad ng ilog na tumigil sa pag-agos, at gaya ng lawa na ang tubig ay naubos.

12Ngunit ang tao kapag namatay hindi na babangon hanggang ang langit ay maparam.

13Itago mo na sana ako sa daigdig ng mga patay, hanggang sa ang poot mo'y mapawi nang lubusan, at muli mong maalala ang aking kalagayan.

14Kung ang tao ay mamatay, siya kaya'y muling mabubuhay? Ngunit para sa akin, paglaya ko sa hirap ay aking hihintayin.

15Ikaw ay tatawag at ako'y sasagot, sa iyong nilikha, ikaw ay malulugod.

16Kung magkagayon, bawat hakbang ko'y iyong babantayan, di mo na tatandaan ang aking mga kasalanan.

17Ang mga kasalanan ko'y iyong patatawarin, lahat ng kasamaan ko'y iyong papawiin.

18“Darating ang araw na guguho ang kabundukan, malilipat ng lugar mga batong naglalakihan.

19Sa buhos ng tubig, ang bato ay naaagnas, ang lupang matigas sa baha ay natitibag, gayon ang pag-asa ng tao, kapag iyong winasak.

20Nilulupig mo ang tao at tuluyang naglalaho, sa sandali ng kamatayan nagbabago ang kanyang anyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Anak man niya'y parangalan, hindi na niya malalaman, hindi na rin
mababatid kung bigyan silang kahihiyan.

22Ang kanya lamang nadarama ay sakit ng sariling katawan, ang tanging
iniisip ay ang sariling kalungkutan.”

## Job 15

### Ang Ikalawang Sagutan

(15:1–21:34)

1Ang sagot ni Elifaz na taga-Teman,

2“Mga salita mo'y pawang kahangalan, ang sinasabi mo ay parang hangin
lang.

3Ang sinasabi mo'y salita ng isang hangal, di ka maililigtas ng salitang walang
saysay.

4Kung ikaw ang masusunod, wala nang matatakot sa Diyos, at nais mong
hadlangan ang sa kanya'y dumudulog.

5Kasamaan mo'y nahahalata sa iyong mga salita, nais mo pang magtago sa
mga salitang may daya.

6Kaya nga ang humahatol sa iyo ay hindi ako, salita mong binibigkas ang
humatol sa iyo.

7“Akala mo ba'y ikaw ang unang taong isinilang? Nauna ka pa ba sa mga
kabundukan?

8Naroon ka ba nang sabihin ng Diyos ang kanyang plano, o sa palagay mo'y
ikaw lang ang may talino?

9Ano ba ang alam mo na di namin nalalaman? Lahat ng naiintindihan mo'y
amin ding nauunawaan.

10Ang mga may uban sa buhok ay aming kasama, mga taong matatanda pa
sa iyong ama.

11“Inaaliw ka ng Diyos ngunit ayaw mong pansinin, ang banayad naming payo
na sa puso nanggagaling.

12Bakit nagmamatigas pa, ipinipilit ang sarili? Mga mata'y nanlilisik, kapag
tinitingnan kami.

13Bakit ba ang galit mo'y sa Diyos ibinubunton at sa kanya iniuukol ang
salitang walang hinahon?

14“Sino ba ang walang sala, at malinis na lubos? Sinong isinilang na matuwid
sa harap ng Diyos?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Kung doon sa mga anghel, tiwala ng Diyos ay di lubusan, kahit silang nasa langit ay mayroon ding pagkukulang.

16Gaano pa kaya ang taong nasanay sa kasamaan, laging uhaw sa masama at hindi tama.

17“Makinig ka at sa iyo'y aking sasabihin, ang lahat ng nakita ko at naabot ng paningin.

18Mga taong matatalino ang sa akin ay nagturo, mga katotohanang inilahad ng kanilang mga ninuno.

19Ang lupain ay sa kanila lamang ibinigay at walang dayuhan na sa kanila'y nakipanirahan.

20“Ang taong mapang-api at puno ng kasamaan, laging nasa ligalig habang siya'y nabubuhay.

21Lagi siyang makakarinig nakakatakot na tinig, papasukin siya ng tulisan kung kailan siya'y tahimik.

22Hindi siya makakatakas sa lagim ng kamatayan pagkat mayroong tabak na sa kanya'y nag-aabang.

23Mga buwitre'y naghihintay upang kainin ang kanyang bangkay, alam niyang madilim ang kanyang kinabukasan.

24Takot ang naghahari sa buo niyang katauhan, parang laging hinahabol ng haring makapangyarihan.

25“Ganito ang sasapitin ng taong nagyayabang at ng humahamon sa Diyos na Makapangyarihan.

26-27Ipinagmamalaki pa ang ginagawang pagsuway at ang palagi niyang hawak ay kanyang kalasag, at ang hangad ay habulin at labanan ang Maykapal.

28Siya ay nanakop ng maraming bayan, mga bahay na nilisan ay kanyang kinamkam, ngunit mga iyon ay mawawasak pagdating ng digmaan.

29Ang kayamanan niya ay hindi magtatagal, maging ang buhay niya'y madali ring papanaw.

30Sa gitna ng dilim siya'y makukubkob, siya'y matutulad sa punongkahoy na nasunog, na ang bulaklak ay tinatangay ng hangin.

31Dahil nagtiwala siya sa kahangalan, kahangalan din ang kanyang kabayaran.

32Maaga niyang tatanggapin ang kanyang kabayaran, tulad ng sangang nalanta, di na muling mananariwa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[33]Makakatulad niya'y ubas na kahit hilaw na bunga'y nalalagas, at tulad ng olibo na ang mga bulaklak ay nalalaglag.

[34]Walang matitira sa lahi ng masama, masusunog ang bahay na sa suhol nagmula.

[35]Ganyan ang mga taong nagbabalak ng kasamaan, pandaraya ang palaging nasa puso at isipan.”

## Job 16

### Idinaing ni Job ang Ginagawa sa Kanya ng Diyos

[1]Sumagot naman si Job,

[2]“Narinig ko nang lahat ang inyong mga sinabi, kayong lahat ay mang-aaliw na walang silbi.

[3]Wala na bang katapusan, mga salita mong walang laman? Bakit ka ba nagsasalita ng ganyan?

[4]“Kaya ko ring sabihin ang lahat ng sinabi ninyo, kapag kayo ang dumaranas ng hirap kong ito. Matatambakan ko rin kayo ng salita at payo, may kibit na ng balikat, may iling pa ng ulo.

[5]Ngunit ang sasabihin ko'y pampalakas ng inyong loob, mga salitang bibitiwa'y pampabawas ng kirot.

[6]“Kung ako ay magsalita, hirap ko'y di maaalis; kung magsawalang-kibo nama'y naroon pa rin ang sakit.

[7]Pinanlupaypay ng Diyos ang abâ kong katauhan at nilipol pa niya pati aking sambahayan.

[8]Nakadikit na sa buto at kulubot ang aking balat, larawan ng mga hirap na aking dinaranas; ito raw ay katunayan ng aking kasalanan.

[9]Dahil sa matinding poot niya sa akin halos ako'y kanyang pagputul-putulin; mga mata'y nanlilisik, may poot kung tumingin.

[10]Nilalait ako ng mga tao, pinapaligiran at sinasampal ako.

[11]Ipinaubaya na ako ng Diyos sa masasama, pinabayaan sa mga taong walang awa.

[12]Sa aking pananahimik, ako'y kanyang ginambala, sinakal, dinurog at pinuntirya ng pana.

[13]Tinatamaan ako ng pana sa kabi-kabila, sugat ko'y malubha ngunit wala pa rin siyang awa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Paulit-ulit niya akong sinusugatan, para siyang mandirigmang galit na galit
sa kalaban.

15"Ako'y nakasuot ng damit-panluksa, nakaupo sa alikabok, katawa'y
nanghihina.

16Sa kaiiyak ko'y pula na ang aking mukha, mata ko'y wala nang makita
pagkat namamaga.

17Wala naman akong ginagawang masama, panalangin ko sa Diyos ay tapat
at walang daya.

18"Huwag mong tabunan, O Lupa, ang aking kaapihan, huwag ipagkait sa
akin ang hangad kong katarungan!

19Ang aking testigo ay nasa langit, siyang tatayo't magtatanggol ng aking
panig.

20Mga kaibigan ko ang sa aki'y humahamak, kaya sa Diyos na lamang ako
ay iiyak.

21"May magtanggol sana sa akin sa harap ng Maykapal, tulad ng pagpanig
ng isang tao sa kanyang kaibigan.

22Pagkat ilang taon na lang itong aking itatagal, ako'y papunta na sa huli kong
hantungan.

## Job 17

1Gulung-gulo ang aking isipan, bilang na ang aking mga araw, hinihintay na
ako ng libingan.

2Pinagmamasdan ko ang sa akin ay lumalait, mga salita nila'y lubhang
masasakit.

3O Diyos, ako'y tapat, kaya sa aki'y magtiwala, ikaw lang ang
makapagpapatunay sa aking mga salita.

4Isip nila'y sinarhan mo upang di makaunawa; laban sa akin, huwag nawa
silang magtagumpay.

5Siyang dahil sa salapi ay nagtataksil sa mga kaibigan, kanyang mga anak
ang siyang mawawalan.

6Ako ngayo'y pinag-uusapan ng buong bayan, pinupuntahan pa upang
maduraan lamang.

7Halos ako'y mabulag dahil sa kalungkutan, kasingnipis ng anino ang buo
kong katawan.

8Mga nagsasabing sila'y tapat sa akin ay nagulat, ang mga walang sala, sa
aki'y nanunumbat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Ngunit ang mga matuwid ay lalong naniniwala, at lalo pang nahikayat na sila nga ang tama.

10Subalit silang lahat, humarap man sa akin, wala akong maituturo na may talinong angkin.

11“Tapos na ang mga araw ko, bigo ang aking mga plano, ang aking pag-asa'y tuluyan nang naglaho.

12Sabi nila, ang gabi ay araw na rin, malapit na raw ang liwanag, ngunit alam kong ako'y nasa dilim pa rin.

13Ang tanging pag-asa ko'y ang daigdig ng mga patay, at sa kadiliman doon ako mahihimlay.

14Ang hukay ay tatawagin kong ama, at ang mga uod ay ituturing kong mga kapatid at ina.

15Nasaan nga ang aking pag-asa, sino ang dito ay makakakita?

16Madadala ko ba ito sa daigdig ng mga patay, sasama ba ito sa alabok na hantungan?”

# Job 18

### Inilarawan ni Bildad ang Wakas ng Masama

1Sumagot si Bildad na Suhita,

2“Kay rami naman ng iyong sinasabi, tumahimik ka muna at pakinggan kami.

3Kami ba'y ano sa iyong palagay? Mga bakang hangal at walang nalalaman?

4Sarili mo lang ang iyong sinasaktan, dahil sa galit na iyong tinataglay. Pababayaan ba ang daigdig dahil lamang sa iyo, at aalisin ang mga bundok sa kanilang puwesto?

5“Ang ilaw ng masama'y tiyak na papatayin, ang kanyang apoy ay di na papaningasin.

6Ang ilaw sa kanyang tahana'y pagdidilimin.

7Ang matatag niyang hakbang ngayon ay nabubuwal, pagbagsak niya'y nalalapit sa kanya ring kasamaan.

8Di niya namamalayang ang kanyang mga paa ay sa bitag pupunta,

9kaya naman nasisilo itong kanyang mga paa.

10Isang silo ang sa kanya'y iniumang, may bitag na nakahanda sa kanyang daraanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11“Saanman siya bumaling, takot ay naghihintay; sinusundan siya nito sa bawat hakbang.

12Mayaman siya noon ngunit ngayo'y hikahos, naghihintay sa kanya'y hirap at pagdarahop.

13Nakamamatay na sakit, sa katawan niya'y kumakalat, mga bisig at paa niya'y unti-unting naaagnas.

14Dati siya'y panatag sa kanyang tahanan; ngayo'y kinakaladkad patungo kay Kamatayan.

15May iba nang nakatira doon sa dati niyang tahanan, matapos malagyan ng gamot at malinis nang lubusan.

16Ang kanyang mga ugat at mga sanga, lahat ay natuyo at pawang nalanta.

17Lahat niyang alaala ay napawi nang lubusan; nakalimutan nang lahat pati kanyang pangalan.

18Mula sa liwanag, inihagis siya sa karimlan, at pinalayas siya sa daigdig ng mga buháy.

19Isang anak man o apo ay wala siyang naiwan, ni isa'y walang natira sa kanyang sambahayan.

20Mula silangan hanggang kanluran, nanginginig at kinikilabutan dahil sa kanyang matinding kasawian.

21Ang masasamang tao'y ganyan ang kapalaran, mga di kumikilala sa Diyos ganyan ang kahihinatnan.”

## Job 19

### Naniniwala si Job na Pawawalang-sala Siya ng Diyos

1Ang sagot ni Job,

2“Hanggang kailan ninyo ako pahihirapan sa mga salitang inyong binibitawan?

3Maraming ulit na ninyo akong nilait, di na kayo nahiya na sa aki'y magmalabis.

4Kung nakagawa man ako ng kasalanan; walang ibang mananagot kundi ako lamang.

5Akala ninyo kayo'y mas mabuti kaysa akin, pinagbabatayan ninyo'y ang hirap kong pasanin.

6Dapat ninyong malaman, ang Diyos ang may gawa nito; ang bitag niyang iniumang ay nasa paligid ko.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Tumututol ako sa ganitong karahasan, ngunit walang nakikinig sa sigaw kong katarungan.

8Hinarangan ng Diyos ang aking daraanan; binalot niya ng dilim ang landas kong lalakaran.

9Inalis niyang lahat ang aking kayamanan, sinira pa niya ang aking karangalan.

10Saanman ako bumaling, ako'y kanyang pinapalo, parang punong binunot, pag-asa ko'y natutuyo.

11Matindi ang galit ng Diyos sa akin; isang kaaway ang sa aki'y kanyang turing.

12Ang hukbo niya ay tinipon at ako ay kinubkob, ang aking tahanan ay kanilang sinakop.

13“Ang mga kapatid ko'y pinalayo niya sa akin; mga dating kakilala, hindi na ako pinapansin.

14Pati mga kamag-anak ko'y nag-alisan; naiwan akong walang kaibigan.

15Dati kong mga panauhi'y di na ako kilala; para na akong dayuhan sa aking mga alila.

16Ang utos ko sa kanila'y hindi na rin pinapansin, makiusap man ako'y ayaw pa rin akong sundin.

17Pati na ang asawa ko'y nandidiri sa akin; mga kapatid ko sa laman, ayaw akong makapiling.

18Ako'y kinukutya ng mga batang paslit; kapag ako'y nakita, pinagtatawanan at nilalait.

19Mga kaibigan kong matalik sa akin ay nasusuklam, ang mga minamahal ko, ako'y nilalayuan.

20Buto't balat na lamang ang natitira sa akin, ang pag-asa kong mabuhay, maliit na at katiting.

21Mga kaibigan ko, sa akin sana'y mahabag; kamay na ng Diyos ang sa aki'y humahampas.

22Bakit n'yo ako inuusig tulad ng ginagawa ng Diyos? Di pa ba kayo masaya sa kahirapan kong lubos?

23“Ang mga salita ko sana'y maisulat at maitala sa isang buong aklat!

24At maiukit sa bato itong mga sinabi ko upang habang panaho'y mabasa ng mga tao.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Ngunit alam kong di natutulog ang aking Tagapagligtas, na magtatanggol sa akin pagdating ng wakas.

26Pagkatapos na maubos itong aking buong balat, makikita ko ang Diyos kahit laman ay maagnas.

27Siya'y aking mamamasdan, at mukhaang makikita; siya'y makikilala nitong aking mga mata. Ang puso ko'y nananabik na masdan ko na siya.

28“Ako ay patuloy ninyong uusigin, pagkat iniisip ninyong ang sala nga ay sa akin.

29Kayo sana ay mag-ingat sa talim nitong tabak, na siyang maghahatid ng parusa sa kasalanan, upang inyong malamang may hahatol nga sa wakas.”

## Job 20

### Inilarawan ni Zofar ang Bahagi ng Masama

1Sinabi ni Zofar na Naamita,

2“Ang iyong mga sinabi ay hindi ko na nagugustuhan kaya hindi ko na mapigilan ang pagsali sa usapan.

3Ang iyong mga sinabi ay puro panlalait, kaya't tugon ko ngayo'y aking ipababatid.

4“Hindi mo ba nalalaman na buhat pa sa simula, nang ang tao ay ilagay sa ibabaw ng lupa,

5ang pagmamataas ng masama ay di nagtatagal,

6umabot man sa langit ang kanyang katanyagan, at ang kanyang ulo, sa ulap ay umabot man.

7Ngunit tulad ng alabok, ganap siyang mapaparam; ang hantungan niya'y hindi alam ng sinuman.

8Siya'y parang panaginip na mawawala, parang pangitain sa gabi, di na muling makikita.

9Di na siya muli pang makikita ng mga dating kaibigan at kapamilya.

10Makikisama sa mahihirap ang kanyang mga anak; kayamanang kinamkam, mapapabalik lahat.

11Ang lakas ng kabataan na dati niyang taglay, kasama niyang mahihimlay sa alabok na hantungan.

12“Ang lasa ng kasamaan para sa kanya ay matamis, ninanamnam pa sa dila, samantalang nasa bibig.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Itong kanyang kasamaan ay hindi niya maiwan; kahit gusto man niyang iluwa ay di niya magagawa.

14Ngunit nang ito'y lunukin, dumaan sa lalamunan, ubod pala ng pait, lason sa katawan.

15Kayamanang kinamkam niya, kanya ngayong isusuka; palalabasin nga ng Diyos mula sa kanyang bituka.

16Ang nilulunok ng taong masama ay tulad ng kamandag, parang tuklaw ng isang ahas na sa kanya ay papatay.

17Ang mga ilog at batis na siyang dinadaluyan ng pulot at gatas ay di na niya mamamasdan.

18Di rin niya papakinabangan lahat ng pinaghirapan; di niya malalasap ang naipong kayamanan,

19sapagkat ang mahihirap ay inapi niya, kinamkam ang mga bahay na itinayo ng iba.

20“Kanyang pagkagahaman ay walang katapusan, walang nakakaligtas sa kanyang kasakiman.

21Kapag siya'y kumakain, wala siyang itinitira, ngunit ang kasaganaan niya ngayo'y magwawakas na.

22Sa kanyang kasaganaan, daranas ng kagipitan at siya'y daratnan ng patung-patong na kahirapan.

23Kumain na siya't magpakabusog! Matinding galit ng Diyos sa kanya'y ibubuhos.

24Makaligtas man siya sa tabak na bakal, palasong tanso naman ang sa kanya'y magbubuwal.

25Kapag ito'y itinudla sa apdo niya ay tutusok; kung makita niya ito, manginginig siya sa takot.

26Matinding kadiliman ang sa kanya'y naghihintay; masusunog siya sa apoy na hindi namamatay. Wala ring matitira sa kanyang pamilya.

27Ipahahayag ng langit ang kasamaan ng taong ito, laban sa kanya, ang lupa'y magpapatotoo.

28Ang lahat ng kayamanan niya ay sisirain, sa galit ng Diyos ito ay tatangayin.

29“Ganito ang sasapitin ng lahat ng masasama, kapasyahan ng Diyos, sa kanila'y itinakda.”

## Job 21

### Pinatunayan ni Job na Masagana ang Buhay ng Masama

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Ang sagot ni Job,

2“Pakinggan ninyong mabuti itong aking sasabihin; ituturing ko nang ito'y pag-aliw sa akin.

3Ako muna'y inyong pagsalitain, at pagkatapos nito, saka na ninyo laitin.

4“Di laban sa tao itong aking hinanakit, may sapat akong dahilan, kung bakit hindi makatiis.

5Tingnan ninyo ang hitsura ko, hindi pa ba ito sapat upang tumahimik na kayo at walang salitang mabigkas?

6Tuwing iisipin ko itong sinapit ko, ako'y nanginginig at nanlulumo.

7Bakit kaya ang masama'y hinahayaan pang mabuhay, tumatanda pa at nagtatagumpay?

8Mayroon silang mga anak at mga apo, naabutan pa nila ang paglaki ng mga ito.

9Hindi pinipinsala ang kanilang mga tahanan; parusa ng Diyos ay di nila nararanasan.

10Ang pagdami ng kanilang mga hayop ay mabilis, ang inahin nilang baka'y nasa ayos kung magbuntis.

11Ang kanilang mga anak ay naghahabulan, parang tupang naglalaro at mayroon pang sayawan.

12Umaawit sa saliw ng tamburin at lira, umiindak, nagsasayaw sa tunog ng mga plauta.

13Ang buong buhay nila'y puspos ng kasaganaan; at mapayapa ang kanilang pagharap sa kamatayan.

14“Sinasabi nila sa Diyos, ‘Huwag mo kaming pakialaman. Ayaw naming alamin ang iyong kalooban!

15Sino ba ang Makapangyarihang Diyos upang sambahin namin? At ano bang mapapala kung sa kanya'y mananalangin?’

16Ang akala nila, sa sariling lakas galing ang tagumpay, ngunit di ako sang-ayon sa kanilang palagay.

17“Ilawan ba ng masama'y pinatay nang minsan? Sila ba ay dumanas ng matinding kahirapan, at ang parusa ng Diyos, sa kanila ba'y ipinataw?

18Itinulad ba sa dayaming nililipad nitong hangin o ipang walang laman, tinatangay sa papawirin?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19“Sinasabi ninyong ang anak ay pinaparusahan dahil sa sala ng kanyang magulang. Parusahan sana ng Diyos ang mismong may kasalanan!

20Sa gayo'y mararanasan nila ang kahirapang sasapitin; sa parusa ng Makapangyarihang Diyos, sila ang pagdanasin.

21Kapag ang isang tao'y binawian ng buhay, ano pang pakialam niya sa pamilyang naiwan?

22Sinong makakapagturo ng dapat gawin ng Diyos, na siyang humahatol sa buong sansinukob?

23“May taong namamatay sa gitna ng kasaganaan, panatag ang katayuan, maginhawa ang kabuhayan.

24Katawan niya ay malusog, at malalakas ang tuhod.

25Mayroon namang namamatay sa kahirapan, ni hindi nakalasap kahit kaunting kaligayahan.

26Ngunit pareho silang sa alabok nahihimlay, at kapwa inuuod ang kanilang katawan.

27“Alam ko kung ano ang binabalak ninyong gawin at ang masamang iniisip ninyo laban sa akin.

28Tiyak na itatanong ninyo kung nasaan ang tahanan ng taong namuhay sa kasamaan.

29“Hindi ba ninyo naitatanong sa mga manlalakbay, mga ulat nila'y hindi ba ninyo pinaniniwalaan?

30Sa panahon ng kahirapan at kasawiang-palad, di ba't ang masama ay laging naliligtas?

31Sa kanyang kasamaa'y walang nagpapamukha, walang naniningil sa masama niyang gawa.

32Kapag siya ay namatay at inihatid na sa hukay, maraming nagbabantay sa kanyang libingan.

33Napakaraming sa kanya'y maghahatid sa libing, pati lupang hihigan niya, sa kanya ay malambing.

34Ngunit pang-aaliw ninyo'y walang kabuluhan, pagkat lahat ng sagot ninyo'y pawang kasinungalingan!”

## Job 22

### Ang Ikatlong Sagutan

(22:1–27:23)

1Ang sagot ni Elifaz na taga-Teman:

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2“Ang tao ba'y may maitutulong sa Diyos na Manlilikha, kahit na siya'y marunong o kaya ay dakila?

3May pakinabang ba ang Makapangyarihang Diyos kung ikaw ay matuwid, may mapapala ba siya kung ikaw man ay malinis?

4Dahil ba sa takot mo sa kanya, kaya ka niya sinasaway, pinagsasabihan at dinadala sa hukuman?

5Hindi! Ito'y dahil sa napakalaki ng iyong kasalanan, at sa mga ginagawa mong mga kasamaan.

6Mga kapatid mo'y iyong pinaghuhubad, upang sa utang nila sa iyo sila'y makabayad.

7Ang mga nauuhaw ay hindi mo pinainom; hindi mo pinakain ang mga nagugutom.

8Lakas mo ang ginagamit kaya lupa'y nakakamkam, at ibinibigay ito sa iyong kinalulugdan.

9Hindi mo na nga tinulungan ang mga biyuda, inaapi mo pa ang mga ulila.

10Kaya napapaligiran ka ngayon ng mga bitag, at bigla kang binalot ng mga sindak.

11Paligid mo'y nagdidilim kaya di ka makakita, maging tubig nitong baha ay natatabunan ka.

12“Di ba't ang Diyos ay nasa mataas na kalangitan, at ang mga bituin sa itaas ay kanyang tinutunghayan?

13Ngunit ang sabi mo, ‘Ang Diyos ay walang nalalaman, at hindi tayo mahahatulan, pagkat sa ulap siya'y natatakpan.’

14Akala mo'y dahil sa ulap ay di na siya makakakita, at sa ibabaw ng himpapawid, ay palakad-lakad lang siya.

15“Talaga bang nais mong lakaran ang dating daan, landas na tinahak ng mga nasanay sa kasamaan?

16Kahit wala pa sa panahon sila'y tinatangay na ng baha, sapagkat ang kanilang pundasyon ay lubos na nagiba.

17Sinabi nila sa Diyos na sila'y kanyang layuan, at wala naman daw magagawa sa kanila ang Diyos na Makapangyarihan.

18Sa kabila nito, sila pa rin ay pinagpala; di ko talaga maunawaan ang pag-iisip ng masama.

19Natutuwa ang matuwid, ang mabuti'y nagagalak kapag nakita nilang ang masama'y napapahamak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

20Sabi nila, 'Ang mga kaaway nati'y nalugmok, at ang mga ari-arian nila ay natupok.'

21"Sumang-ayon ka sa Diyos, makipagkasundo ka sa kanya, ang buhay mo'y gaganda at magiging maginhawa.

22Makinig ka sa kanyang itinuturo, mga sinasabi niya'y itanim mo sa iyong puso.

23Manumbalik ka sa Makapangyarihan, ikaw ay magpakumbaba, at alisin mo sa iyong tahanan lahat ng gawaing masama.

24Ang lahat mong kayamanan ay itapon mo sa alabok, at ang mamahaling ginto ay ihagis mo na sa ilog.

25Ang Diyos na Makapangyarihan ang ituring mong yaman, na siyang ginto't pilak na iyong papahalagahan.

26Sa Makapangyarihang Diyos ka palaging magtiwala, at ang Maykapal ang pagkukunan mo ng tuwa.

27Papakinggan niya ang iyong panalangin, kaya't ang mga panata mo ay iyong tuparin.

28Lagi kang magtatagumpay sa iyong mga balak, at ang landas mo ay magliliwanag.

29Ang mga palalo'y ibinabagsak nga ng Diyos, ngunit inililigtas ang mapagpakumbabang-loob.

30Ililigtas ka niya kung wala kang kasalanan, at kung ang ginagawa mo ay nasa katuwiran."

## Job 23

### Nais ni Job na Iharap sa Diyos ang Kanyang Kalagayan

1Ito naman ang sagot ni Job:

2"Hanggang ngayon ay masama pa itong aking loob, bagama't ako'y nananangis, pinaparusahan pa rin ng Diyos.

3Kung alam ko lamang kung saan siya matatagpuan, pupuntahan ko siya sa kanyang kinaroroonan.

4Ihaharap ko sa kanya ang aking kalagayan at ilalahad kong lahat ang aking katuwiran.

5Gusto kong malaman ang isasagot niya sa akin; nais kong maunawaan ang kanyang sasabihin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

6“Gagamitin kaya sa akin ang lahat niyang kapangyarihan? Hindi! Sa halip, hinaing ko'y kanyang papakinggan.

7Sapagkat ako'y taong matuwid na haharap sa kanya, kanyang ipahahayag na ako'y walang sala.

8“Sa dakong silangan, hindi ko siya natagpuan; hindi ko rin siya nakita sa gawing kanluran.

9Di ko rin siya nakita sa dakong hilaga, at sa bandang timog, ni bakas ay wala.

10Ngunit alam ng Diyos ang aking bawat hakbang; kapag sinubok niya, lalabas ang kadalisayan.

11Pagkat landas niya'y aking nilakaran, hindi ako lumihis sa ibang daanan.

12Ako'y hindi lumalabag sa kanyang kautusan, at ang kanyang mga salita ay aking iniingatan.

13“Hindi siya nagbabago at di kayang salungatin, walang makakapigil sa nais niyang gawin.

14Isasakatuparan niya ang plano niya sa akin, ang marami niyang balak ay kanyang gagawin.

15Kaya ako'y natatakot na sa kanya'y humarap; isipin ko lamang ito, ako ay nasisindak.

16Pinanghihina ng Diyos ang aking kalooban, tinatakot ako ng Makapangyarihan.

17Sapagkat kadiliman ang nasa aking palibot, dilim nitong taglay sa mukha ko ay bumalot.

## Job 24

### Inireklamo ni Job ang Ginagawa ng Masama

1“Bakit di nagtatakda ang Makapangyarihang Diyos ng araw ng paghuhukom, upang masaksihan ng mga matuwid ang kanyang paghatol?

2“Binabago ng mga tao ang hangganan ng mga lupa, nagnanakaw ng mga hayop na iba ang nag-alaga.

3Tinatangay nila ang asno ng mga ulila, kinakamkam sa mga biyuda ang bakang isinangla.

4Ang mahirap ay itinataboy sa lansangan; at dahil sa takot, naghahanap ito ng taguan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5“Kaya ang dukha, tulad ay asnong mailap, hinahalughog ang gubat,
mapakain lang ang anak.

6Gumagapas sila sa bukid na hindi kanila, natirang ubas ng mga masasama
pinupulot nila.

7Kanilang katawan ay walang saplot; sa lamig ng gabi, wala man lamang
kumot.

8Nauulanan sila doon sa kabundukan; mga pagitan ng bato ang kanilang
silungan.

9“Inaalipin ng masasama ang mga ulila; mga anak ng may utang, kanilang
kinukuha.

10Hubad na pinaglalakad ang mga mahirap, labis ang gutom habang sila'y
pinapagapas.

11Sila ang nagkakatas ng ubas at olibo, ngunit di man lamang makatikim ng
alak at langis nito.

12Mga naghihingalo at mga sugatan, sa loob ng lunsod ay nagdadaingan,
ngunit di pa rin pansin ng Diyos ang kanilang panawagan.

13“May mga taong nagtatakwil sa liwanag; di nila ito maunawaan, patnubay
nito'y ayaw sundan.

14Bumabangon ang mamamatay-tao sa madaling araw, at ang kawawang
dukha'y kanyang pinapaslang. Pagsapit naman ng gabi, siya ay
nagnanakaw.

15Ang nakikiapid ay naghihintay na dumilim, nagtatakip ng mukha upang
walang makapansin.

16Kung gabi naman sumasalakay ang mga magnanakaw; ayaw nila sa
liwanag kaya't nagtatago pagsikat ng araw.

17Liwanag ng araw ay kanilang kinatatakutan, ngunit di sila nasisindak sa
matinding kadiliman.”

18Sinabi ni Zofar, “Ang masamang tao'y tinatangay ng baha, sinumpa ng
Diyos ang kanilang lupa; sa ubasan nila'y ni walang mangahas magsaka.

19Kung paanong ang yelo ay natutunaw sa tag-init, gayundin ang masama,
naglalaho sa daigdig.

20Kahit ang kanyang ina sa kanya'y nakakalimot; parang punong nabuwal,
inuuod at nabubulok.

21Pagkat inapi niya ang babaing di nagkaanak, at ang mga biyuda ay
kanyang hinamak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Winawasak ng Diyos ang buhay ng malalakas; kapag siya ay kumilos, ang masama'y nagwawakas.

23Hayaan man ng Diyos na mabuhay ito nang tiwasay, sa bawat sandali, siya'y nagbabantay.

24Umunlad man ang masama, ngunit panandalian lamang, natutuyo ring tulad ng damo at halaman, parang bungkos ng inani na binunot sa taniman.

25Kasinungalingan ba ang sinasabi ko? Sinong makapagpapatunay na ito'y di totoo?”

## Job 25

### Walang Matuwid sa Paningin ng Diyos

1Ito naman ang sagot ni Bildad na Suhita:

2“Makapangyarihan ang Diyos dapat siyang igalang; naghaharing mapayapa sa buong sangkalangitan.

3Ang kanyang mga anghel ay hindi mabibilang, lahat ay nasisikatan ng kanyang kaliwanagan.

4Maaari bang maging matuwid ang tao sa paningin ng Diyos? Sa harapan ng Maykapal siya ba'y dalisay nang lubos?

5Para sa Diyos, ang buwan ay walang ningning, at ang mga bituin ay marumi sa kanyang tingin.

6Gaano pa ang tao na isa lamang hamak na uod, may halaga kaya siya sa paningin ng Diyos?”

## Job 26

### Inihayag ni Job ang Kapangyarihan ng Diyos

1Tumugon naman si Job,

2“Malaking tulong ka sa akin na isang mahina! Sa palagay mo'y sumasaklolo ka sa akin na taong kawawa?

3Ang walang nalalaman ay iyo bang tinuruan, at ang tao bang hangal ay binigyan ng karunungan?

4Sino kayang makikinig sa sinasabi mo? At sino bang espiritu ang nag-udyok na sabihin ito?”

5Ang sagot ni Bildad, “Sa takot ay nanginginig maging ang kalaliman, ganoon din itong dagat at ang doo'y naninirahan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Ang daigdig ng mga patay, lantad sa mata ng Diyos. Sa paningin niya'y walang maikukubling lubos.

7Ang kalawakan sa hilaga ay kanyang inilagay, ibinitin niya ang daigdig sa gitna ng kawalan.

8Ang tubig ay iniipon sa balumbon ng mga ulap, at pinipigil niya ito kahit na anong bigat.

9Ang buwang kabilugan, sa ulap ay kanyang tinatakpan.

10Pinaghiwalay niya ang liwanag sa kadiliman, ng bilog na guhit sa ibabaw ng karagatan.

11Mga haligi nitong langit ay nanginginig sa takot, nauuga, nayayanig kapag sinaway ng Diyos.

12Sa kanyang kapangyarihan, pinatahimik niya ang dagat; sa kanyang karunungan, pinuksa niya ang dambuhalang si Rahab.

13Sa pamamagitan ng hininga niya, ang langit ay umaaliwalas, pinuksa ng kamay niya ang dambuhalang tumatakas.

14Maliit na bahagi lang ito ng kanyang kapangyarihan, na hindi pa rin natin lubos na maunawaan. Sino kaya ang tatarok sa tunay niyang kadakilaan?”

## Job 27

### Ipinaliwanag ni Job ang Bahagi ng Masama

1Muling tumugon si Job,

2“Isinusumpa ko sa Diyos na sa aki'y nagkait ng katarungan, sa Makapangyarihang Diyos na nagdulot sa akin ng kapaitan.

3-4Habang mayroon akong hininga na Diyos ang nagbibigay, ang labi ko'y walang bibigkasing kasinungalingan, ang aking sasabihin ay pawang katotohanan.

5Hindi ko matatanggap na kayo ang may katuwiran, igigiit hanggang kamatayan na ako'y walang kasalanan.

6Hindi ko isusuko ang aking katuwiran, budhi ko'y malinis, di ako sinusumbatan.

7“Parusahan nawa ang lahat ng sa aki'y lumalapastangan; ituring nawa silang lahat na makasalanan.

8Ang makasalana'y mayroon pa bang pag-asa, kapag binawi na ng Diyos ang buhay na taglay niya?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Pagsapit ng kaguluhan, papakinggan kaya ng Diyos ang kanyang panawagan?

10Ito kaya ay mananalig sa Makapangyarihan at sa lahat ng araw, Diyos ay tatawagan.

11“Ang kalooban ng Diyos, sa inyo'y sasabihin at aking ihahayag ang nais niyang gawin.

12Ang lahat ng ito'y inyo namang nalalaman, subalit ang salita ninyo'y pawang walang kabuluhan.”

13Ang sagot ni Zofar: “Sa masama ay ganito ang inihanda ng Diyos, sa mararahas ay ito ang parusang ibubuhos:

14Magkakaanak sila ng marami ngunit mamamatay sa digmaan, ang kanilang mga anak, gutom ang mararanasan.

15Ang matitirang buháy, sa salot mamamatay, ngunit kanilang mga biyuda, hindi sila tatangisan.

16Kahit siya'y makaipon ng malaking kayamanan o kaya'y magkaroon ng maraming kasuotan,

17isa man sa mga iyon ay di niya papakinabangan, mapupunta sa matuwid ang lahat niyang kayamanan.

18Sapot lamang ng gagamba ang katulad ng kanyang bahay, parang kubo lamang ng mga aliping bantay.

19Matutulog ang mayaman ngunit hanggang doon na lang; pagmulat ng kanyang mata, ari-arian niya ay wala na.

20Mga kasawian ay parang bahang darating, tatangayin ng ipu-ipo pagsapit ng dilim.

21Matinding hanging silangan, sa kanya ay tatangay, tuluyan siyang mawawala at di na makikita.

22Patuloy siyang babayuhin nang walang pakundangan, ang kapangyarihan nito'y sisikapin niyang matakasan.

23Sa bandang huli, hangin ay magagalak pagkat itong masama, tuluyan ng bumagsak.

## Job 28

### Papuri sa Karunungan

1“May lugar kung saan ang pilak ay mahuhukay, at may pook kung saan ang ginto'y dinadalisay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Nahuhukay ng tao ang bakal mula sa lupa, at nilulusaw ang tanso mula sa batong nakuha.

3Sinasaliksik ng tao ang pinakamalalim na kadiliman, ginagalugad pati ang kailaliman upang humukay ng batong yaman.

4Humuhukay nang malalim sa ilang at kabundukan na hindi pa naaabot ng sinumang manlalakbay, nagmimina sila roon sa gitna ng kalungkutan.

5Sa lupa tumutubo ang halamang kinakain, ngunit parang tinupok ng apoy ang nasa ilalim.

6Nasa mga bato ang mga safiro, nasa alabok naman ang gintong puro.

7Ang daang iyo'y di abot-tanaw ng lawin, kahit mga buwitre'y hindi ito napapansin.

8Hindi pa ito nadadaanan ng hayop na mababangis, hindi pa nagagawi rito ang leong mabagsik.

9“Hinuhukay ng mga tao ang batong matitigas, pati paanan ng mga bundok ay kanilang tinitibag.

10Sa malalaking bato'y gumagawa sila ng lagusan, mamahaling hiyas ay kanilang natutuklasan.

11Pinagmumulan ng ilog ay kanilang tinutunton, at dinadala sa liwanag anumang nakatago roon.

12Ngunit saan kaya matatagpuan itong karunungan? At ang pang-unawa, saan kaya matututunan?

13“Hindi alam ng tao ang daan tungo sa karunungan; wala iyon sa lupain ng mga nabubuhay.

14Ang sabi ng kalaliman, ‘Wala sa akin ang kaalaman.’ Ganito rin ang sinasabi ng buong karagatan.

15Hindi ito mabibili kahit ginto ang ibayad, hindi ito makukuha palitan man ng pilak.

16Ang pinakamahal na ginto at alahas, sa halaga ng karununga'y hindi maitutumbas.

17Mahigit pa kaysa ginto ang timbang ng karunungan, mas mahal kaysa sa alahas o sa gintong kayamanan.

18Mas mahalaga ang karunungan kaysa magandang koral, higit itong mamahalin kaysa perlas o sa kristal.

19Kahit na ang topaz, dito'y di maipapantay, at hindi rin mahihigitan kahit ng gintong dalisay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

20“Kung gayo'y saan nga nagmumula ang karunungan? At ang pang-unawa, saan kaya matututunan?

21Hindi ito nakikita ng sinumang nilalang, mga ibong lumilipad, hindi rin ito natatanaw.

22Kahit ang Pagkawasak at ang Kamatayan ay nagsasabing ang narinig nila'y mga sabi-sabi lamang.

23“Ngunit tanging ang Diyos lang ang siyang nakakaalam kung saan naroroon ang tunay na karunungan.

24Pagkat nakikita niya ang bawat sulok ng daigdig; natatanaw niyang lahat ang nasa ilalim ng langit.

25Ang hangin ay kanyang binigyan ng bigat, ang karagatan ay itinakda niya ang sukat.

26Ipinasya niya kung saan papatak ang ulan, at pati ang kidlat, binigyan niya ng daraanan.

27Dito niya nakita at sinubok ang karunungan, kanyang itinatag at binigyang kahalagahan.

28“At sinabi niya sa tao, ‘Ang pagsunod at paggalang sa Panginoon ay karunungan; at ang paglayo sa kasamaan ay siyang tunay na kaalaman.’”

## Job 29

### Sinariwa ni Job ang Maliligaya Niyang Araw

1Muling nagsalita si Job,

2“Kung maibabalik ko lang ang mga unang araw noong ang Diyos sa akin ay palagi pang nagbabantay;

3Nang ang liwanag niya sa akin ay gumagabay, sa paglakad ko sa dilim, siya ang aking tanglaw.

4Noon, ako ay sagana, maluwag ang pamumuhay, kaibigang matalik ang Diyos na buháy, at sa buong pamilya ko, siya ang patnubay.

5Noon ay malapit ang Makapangyarihang Diyos sa akin, at ang mga anak ko'y lagi sa aking piling.

6Masagana ang gatas mula sa aking kawan, olibong nagbibigay ng langis, tumutubo kahit sa batuhan.

7Kapag pumupunta ako noon sa mga kapulungan, at nauupong kasama ng mga pinuno ng bayan,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8kapag ako'y natanaw, mga kabataa'y nagbibigay-daan, mga matatanda nama'y tumatayo at nagbibigay-galang.

9-10Ihihinto ng pinuno, kanilang usapan, at mga maharlika'y tatahimik na lamang.

11“Kapag ako'y nakita at kanilang narinig, sila'y sumasang-ayon at sa aki'y pumapanig.

12Sapagkat tinulungan ko ang dukha sa kanilang pangangailangan, dinamayan ko ang mga ulilang wala nang mapuntahan.

13Pinupuri ako ng mga dumanas ng kasawian, natulungang mga biyuda sa tuwa'y nag-aawitan.

14At ang lagi kong adhikain, katarungan at katuwiran ay siyang pairalin.

15Para sa mga bulag, ako'y nagsilbing mata; at sa mga pilay, ako ang kanilang paa.

16Nagsilbi akong ama ng mga mahihirap, kahit di ko kilala ay aking nililingap.

17Ang lakas ng masasama, aking sinisira ang kanilang mga bihag, sinikap kong mapalaya.

18“Umaasa ako noong hahaba ang aking buhay, at sa aking tahanan payapang mamamatay.

19Tulad ko noo'y punongkahoy na sa tubig ay sagana, at ang mga sanga, sa hamog laging basa.

20Pinupuri ako ng halos lahat, at di nauubos ang aking lakas.

21Sa mga payo ko sila'y nananabik, sa sinasabi ko sila'y nakikinig.

22Ang sinabi ko'y di na dapat ulitin, pagkat sa isip agad itong naitatanim.

23Sa mga sasabihin ko'y lagi silang naghihintay, salita ko'y parang ulan sa panahon ng tag-araw.

24At ang aking mga ngiti sa kanila'y pampalakas-loob, sa saya ng aking mukha silang lahat ay nalulugod.

25Para akong hari na sa hukbo'y nag-uutos, at nagbibigay ng aliw kapag sila'y nalulungkot.

## Job 30

### Idinaing ni Job ang Kanyang Kalagayan

1“Ngayon ako'y kinukutya na ng mga kabataan, na mga anak ng mga taong di ko pinayagan na sumama sa mga asong nagbantay sa aking kawan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[2]Mga bisig nila ay hindi ko inasahan, walang gawaing kanilang nakayanan.

[3]Sa gitna ng gutom at kasalatan, kanilang kinakain mga tuyong ugat sa ilang.

[4]Nangunguha sila ng usbong ng halaman sa dawagan, at ugat ng mga tambo ang panlaman nila sa tiyan.

[5]Ang mga taong ito'y itinakwil ng lipunan, at ang turing sa kanila'y mistulang mga tulisan.

[6]Mga kuweba't mga kanal ang kanilang tinitirhan, ang iba nama'y sa lungga, at ang iba'y sa batuhan.

[7]Ungol nila'y naririnig mula roon sa dawagan, sila'y nagyayakap-yakap sa gitna ng katinikan.

[8]Sila'y parang mga yagit na walang kabuluhan pagkat mula sa lupain, sila'y ipinagtatabuyan.

[9]“Ngayo'y ako naman ang kanilang pinagtatawanan, siyang laging binibiro at pinag-uusapan.

[10]Kinukutya nila ako at kanilang iniiwasan, at di nag-aatubiling ako'y kanilang duraan.

[11]Pagkat inalis ng Diyos ang lakas ko at kakayahan, kaya naman ako'y kanilang nilalapastangan.

[12]Sinalakay nila ako nang walang pakundangan, hinahabol nila ako upang tapusin nang tuluyan.

[13]Pilit akong sinusukol upang ako'y pahirapan, sa ginagawa nila'y wala man lang humadlang.

[14]Isang pader na may bitak ang katulad ng aking buhay, sinalakay nila ako at tinapak-tapakan.

[15]Ang buo kong pagkatao ay nilukuban ng takot, dangal ko'y naglaho parang bulang pumutok, at ang aking kasaganaan, parang ulap na sumabog.

[16]‘Halos mapatid na ang aking hininga, hindi na maibsan ang hirap kong dala.

[17]Sa buong magdamag, mga buto ko ay masakit, ginhawa'y di madama kahit isang saglit.

[18]Hinablot ng Diyos ang aking kasuotan, at ako'y kaawa-awang kanyang kinwelyuhan.

[19]Pagkatapos noon, ako'y kanyang inihagis lumubog sa putik, parang isang yagit.

[20]“Di mo pinakinggan, O Diyos, ang aking pagdaing, aking panalangin, hindi mo man lang pinansin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Bakit ako'y iyong pinagmamalupitan, at pinag-uusig ng iyong buong kapangyarihan?

22Bakit hinayaang ang buhay kong angkin, bayuhin ng bagyo at malalakas na hangin?

23Alam kong dadalhin mo ako sa kamatayan, na huling hantungan ng bawat nilalang.

24Taong bumagsak, bakit mo pa pinahihirapan, wala naman siyang magagawa kundi magmakaawa lamang?

25Di ba ako ay dumamay sa mga nangangailangan, at nagmalasakit din sa mahirap ang kabuhayan?

26Tuwa at liwanag ang aking inaasahan; subalit ang dumating ay hirap at kadiliman.

27Kahirapan at sakit ang kayakap ko sa buhay, at siyang nakakasama sa bawat araw.

28Ang landas ko ay madilim at walang kapanatagan; ako'y nagmamakaawa sa lahat kong kababayan.

29Ang tinig ko'y walang sigla at namamalat, parang boses ng uwak at ng asong gubat.

30Ang balat ko'y nangingitim at natutuklap, sagad hanggang buto itong aking lagnat.

31Ang dati kong naririnig ay masasayang tugtugan, ngayo'y tunog ng pagluluksa at pag-iiyakan.

## Job 31

### Iginiit ni Job ang Kanyang Katapatan

1“Ako'y taimtim na nangako sa aking sarili, na di titingin nang may pagnanasa sa ibang babae.

2Anong ginagawa ng Makapangyarihang Diyos sa atin? Anong gantimpala niya sa ating gawain?

3Ibinibigay niya'y kapahamakan at pagkasira, sa mga taong gumagawa ng mali at masama.

4Lahat ng ginagawa ko'y kanyang nalalaman, kitang-kita niya ang aking bawat hakbang.

5“Pagsisinungaling ay hindi ko ginawa, kahit isang tao'y wala akong dinaya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6 Timbangin sana ako ng Diyos sa maayos na timbangan, at makikita niya itong aking katapatan.

7 Kung ako'y lumihis sa landas ng katuwiran, o kaya'y naakit gumawa ng kalikuan, kahit na bahagya'y natukso ng kasamaan,

8 masira nawa ang aking pananim, at ang mga halaman ko'y iba na ang kumain.

9 “Kung ako ay naakit sa asawa ng iba, sa pintuan ng kanyang bahay ay inabangan ko siya,

10 di bale nang asawa ko'y sa iba magsilbi, at siya'y sipingan ng ibang lalaki.

11 Ang pakikiapid ay karumal-dumal na kasalanan, kasamaang nararapat sa hatol na kamatayan.

12 Pagkat iyon ay apoy na di mamamatay, at iyon ang tutupok sa aking buong kabuhayan.

13 “Kung sana'y may inapi ako sa aking mga utusan, at dahil doo'y nagharap sila ng karaingan.

14 Di ako kikibo ako ma'y parusahan, siyasatin man ako'y walang ibibigay na kasagutan.

15 Pagkat ang Diyos na sa akin ay lumalang, siya ring lumikha sa aking mga utusan.

16 “Di ako nagkait ng tulong kailanman, sa mga biyuda at nangangailangan.

17 Di ko pinabayaan ang mga ulila, kapag ako'y kumain, kumakain din sila.

18 Sa buong buhay ko sila'y aking tinulungan, inalagaan, mula pa sa aking kabataan.

19 “Ang makita kong walang damit pagkat walang maibili,

20 binibigyan ko ng makapal na damit, kaya't pasasalamat niya'y walang patid.

21 “Kung ang mga ulila'y aking inapi, pagkat alam kong sa hukuma'y ako ang magwawagi,

22 mabuti pang mga bisig ko ay baliin, at sa aking balikat ito ay tanggalin.

23 Sapagkat sa parusa ng Diyos ako'y natatakot, hindi ko kayang gawin ang gayong gawaing baluktot.

24 “Kung ako ay umasa sa aking kayamanan, at gintong dalisay ang pinanaligan;

25 kung dahil sa tinatangkilik, ako ay nagyabang, o nagpalalo dahil sa aking kayamanan;

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26kung ang araw at ang buwan ay aking sinamba;

27kung ako'y natangay kahit na lihim lamang, o nagpugay kaya sa sarili kong kamay;

28ako nga'y nagkasala at dapat hatulan, pagkat itinakwil ko ang Diyos na Makapangyarihan.

29“Pagdurusa ng kaaway, hindi ko ikinatuwa, ni sa kanilang kapahamakan ako ay nagsaya;

30kahit minsa'y di ko idinalangin na sila'y mamatay.

31Mapapatunayan ng aking mga kasamahan, mabuti ang pagtanggap ko sa mga dayuhan.

32Pinatutuloy ko sila sa aking tahanan, at di sila hinayaang matulog sa lansangan.

33Kung itinago ko ang aking kasalanan, at kamalian ko ay aking pinagtakpan;

34at kung dahil sa takot sa iba at sa kanilang pagkutya, ako ay nanahimik at di na nagpakita.

35“Mayroon sanang nakikinig sa mga sinasabi ko, isinusumpa kong lahat ito'y pawang totoo. Sagutin sana ako ng Diyos na Makapangyarihan, kung isusulat ng kaaway ang kanyang mga paratang.

36Ito'y aking ikukwintas at isusuot na parang korona.

37Sasabihin ko sa Diyos ang lahat ng aking ginawa, sa paglapit sa kanya'y wala akong dapat ikahiya.

38“Kung ang lupa kong binubungkal ay inagaw sa iba, sa pagtutol ng may-ari'y sapilitan kong kinuha.

39O kung sa ani nito ako'y nagpasasa, samantalang nagugutom ang dito'y nagsaka.

40Kung gayon ay bayaang damo't tinik ang tumubo, sa halip na sebada o trigo ang doo'y lumago.” Dito nagwawakas ang pagsasalita ni Job.

## Job 32

### Ang Pananalita ni Elihu

(32:1–37:24)

1Hindi na nakipagtalo pa ang tatlong kausap ni Job sapagkat talagang iginigiit niyang wala siyang kasalanan.

2Samantala, may nakikinig noon sa kanilang pag-uusap, isang lalaki na nagngangalang Elihu. Siya ay anak ni Baraquel, apo ni Bus na mula sa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

angkan ni Ram. Nagalit si Elihu kay Job sapagkat nagmamatuwid si Job sa kanyang sarili at sinisisi pa niya ang Diyos.

3Nagalit din siya sa tatlong kaibigan ni Job sapagkat hindi nila masagot ang mga sinabi nito at parang lumalabas na ang Diyos ang may kasalanan.

4Pinakabata si Elihu sa mga naroon kaya hinintay niyang makapagsalita muna ang lahat.

5-6Nang wala nang maisagot ang tatlo, nagalit ito at sinabi, “Bata ako at kayo'y matatanda, kaya ako'y nag-aalangang magsalita.

7Palagay ko'y nararapat na kayo muna ang magsalita, at mamahagi ng karunungan ang nakatatanda.

8Ngunit ang karunungan ay saan ba nagbubuhat? Di ba sa Diyos na Makapangyarihan?

9Ngunit hindi dahil matanda ay may pang-unawa, hindi dahil may edad na'y alam na ang tama.

10Kaya makinig kayo ngayon sa aking sasabihin, itong aking opinyon, inyo namang dinggin.

11“Matiyaga akong nakinig sa inyong pananalita, at habang naghahanap kayo ng mahuhusay na kataga.

12Ngunit sa aking narinig, ako'y tunay na nalungkot, hindi ninyo napabulaanan ang sinabi nitong si Job.

13Huwag ninyong sabihing natuklasan na ninyo ang karunungan, sa sinabi nitong si Job, Diyos lang ang may kasagutan.

14Kayo at hindi ako ang kausap nitong si Job, kaya iba sa pahayag ninyo itong aking isasagot.

15“Job, hindi sila makakibo at wala nang masabi,

16sila ay natitigilan, hindi na makapagsalita, mananatili ba akong naghihintay sa wala?

17Hindi! Sasagutin kong lahat ang iyong binanggit, sasabihin ko sa iyo ang aking iniisip.

18Di na ako makapaghintay na magsalita, di ko na mapipigilan ang aking mga kataga.

19Kapag ang nasa loob ko ay hindi naibulalas, ang dibdib ko ay puputok, laman nito'y sasambulat.

20Hindi na nga maaari na ako ay maghintay pa, di na ako makatiis kaya ako'y nangusap na.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[21]Sa inyong usapan ay wala akong papanigan, ang sinuman sa inyo'y hindi
ko papupurihan.

[22]Ang di tapat na papuri ay hindi ko nakaugalian, kapag ginawa ko ito, ako'y
paparusahan.

## Job 33

### Pinagsabihan ni Elihu si Job

[1]“At ngayon, Job, makinig ka sa aking sasabihin, at mga salita ko'y bigyan
mo ng pansin.

[2]Sasabihin ko na ang laman ng aking isipan,

[3]lahat ng ilalahad ko ay pawang katapatan, lahat ng ihahayag ay pawang
katotohanan.

[4]Ang Espiritu ng Diyos ang gumawa sa akin, buhay na taglay ko ay sa
Makapangyarihang Diyos nanggaling.

[5]“Kung kaya mo'y sagutin mo itong aking sasabihin, ang iyong mga katuwiran
ay ihanda mo na rin.

[6]Ikaw at ako'y iisa sa harap ng Diyos natin, parehong sa putik tayo
nanggaling.

[7]Kaya sa aki'y wala kang dapat alalahanin, huwag mong isiping ika'y aking
gagapiin.

[8]“Ito ang narinig kong sinabi mo:

[9]‘Ako'y malinis at walang nagawang kasalanan, ako'y walang sala at walang
kasamaan.

[10]Gumagawa lamang ang Diyos ng dahilan upang ako'y parusahan, at
itinuturing niya akong isang kaaway.

[11]Mga paa ko ay kanyang iginapos, at binabantayan ang aking mga kilos.’

[12]“Ngunit ang sagot ko nama'y nagkakamali ka, Job, sapagkat sa sinumang
tao ay mas dakila ang Diyos.

[13]Bakit ang Diyos ay iyong pinagbibintangan na di marunong makinig sa
iyong karaingan?

[14]Magsalita man siya sa iba't ibang paraan, hindi pa rin natin ito lubos na
mauunawaan.

[15]Nagsasalita siya sa panaginip at pangitain, sa kalaliman ng gabi, kapag ang
tao'y nahihimbing.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Ipinapaunawa niya ang kanyang saloobin, nagbibigay ng babala sa kanilang pangitain.

17Nagsasalita ang Diyos upang sila ay pigilan sa paggawa ng masama at sa kapalaluan.

18Hindi nais ng Diyos na sila'y mamatay kaya sila'y iniligtas niya mula sa hukay.

19Pinadadalhan niya ang tao ng iba't ibang sakit, upang sa pamamagitan ng kirot ang tao'y maituwid.

20Ang taong may sakit ay walang panlasa, masarap man ang pagkain, wala pa ring gana.

21Nauubos ang kanyang laman, natitira'y buto't balat na lamang.

22At parang handang handa nang pumunta sa daigdig ng mga patay.

23“O baka siya'y tulungan ng isa sa libong mga anghel, na nagpapaalala sa tao ng kanyang mga tungkulin.

24Maaaring itong anghel na puspos ng kahabagan, ay magsabi ng ganito: ‘Siya ay pawalan, hindi siya dapat humantong sa libingan, narito ang bayad para sa kanyang kalayaan.’

25Siya ay gagaling, muling sisigla; tataglayin muli ang lakas noong kabataan niya.

26Mananalangin siya sa Diyos at siya'y papakinggan. Ang pagsamba niya'y mapupuno ng kasiyahan, muli siyang ilalagay ng Diyos sa mabuting katayuan.

27Sasabihin niya sa madla, ‘Sa Diyos ako'y nagkasala, walang matuwid na nagawa subalit pinatawad niya.’

28Hindi niya itinulot na ako'y mamatay, magpahanggang ngayon ako'y nabubuhay.

29Hindi lang minsan na ito'y ginawa ng Diyos,

30na iligtas ang tao sa kanyang pagkakalugmok, at ang buhay nito'y punuin ng lugod.

31“Job, tumahimik ka at makinig nang mabuti, pakinggan mo't unawain itong aking sinasabi.

32Kung mayroon ka namang nais sabihin, huwag mag-atubili't papakinggan ko rin, at kung may katuwiran ka'y aking tatanggapin.

33Kung wala naman, makinig ka na lang, manahimik ka't, ika'y aking tuturuan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Job 34

**Ipinagtanggol ni Elihu ang Diyos**

1 Sinabi pa ni Elihu,

2 “Makinig kayo, matatalinong tao, itong sinasabi ko ay pakinggan ninyo.

3 Tulad ng masarap na pagkaing inyong natikman, salita ng karunungan, nawa'y inyong pakinggan.

4 Atin ngang talakayin itong usapin, kung ano ang tama ay ating alamin.

5 Ayon dito kay Job ay wala siyang sala, at katarungan ay ipinagkakait daw sa kanya.

6 Bagama't matuwid itinuring na sinungaling siya, at tinadtad ng sugat kahit na walang sala.

7 “May nakita na ba kayong tulad nitong si Job? Kaunti man ay wala siyang paggalang sa Diyos.

8 Panay na masama ang kanyang kasamahan, nakikisama siya sa mga makasalanan.

9 Sinabi niya na walang mabuting idudulot ang paglakad at pagsunod sa nais ng Diyos.

10 “Makinig kayo sa akin, mga taong magagaling, ang Makapangyarihang Diyos ba'y maaakay sa masamang gawain?

11 Ginagantimpalaan niya ang tao ayon sa gawa, ang iginagawad sa kanila ay iyon lamang tama.

12 Hindi gumagawa ng masama ang Diyos na Makapangyarihan, hindi niya kailanman binabaluktot ang katarungan.

13 May nagbigay ba sa Diyos ng kapangyarihan? At sinong naghabilin sa kanya nitong sanlibutan?

14-15 Kapag binawi ng Diyos ang hininga ng tao, sila'y mamamatay at sa alabok ang kanilang tungo.

16 “Kung matalino kayo, pakinggan ninyo ito.

17 Hindi ba ang Diyos ay makatarungan, bakit hinahatulan siya na parang makasalanan?

18 Sa mga hari, siya ang nagpaparusa, kung sila'y masama at walang halaga.

19 Siya ang lumikha sa sangkatauhan, kaya walang itinatangi, mahirap man o mayaman.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Sa isang kisap-mata, ang tao'y mamamatay, ang hampasin ng Diyos, bigla na lamang papanaw kahit siya'y malakas o makapangyarihan.

[21]Bawat kilos ng tao'y tinitingnan niya, ang bawat hakbang nito'y di lingid sa kanya.

[22]Walang sapat na kadiliman ang mapagtataguan ng mga makasalanan.

[23]Hindi na kailangan ng Diyos na magtakda ng panahon, upang ang tao'y lumapit sa kanya at gawaran ng hatol.

[24]Hindi na rin kailangang siya'y mag-imbestiga, upang mga pinuno'y alisin at palitan ng iba.

[25]Sapagkat alam niya ang kanilang mga gawain, sa gitna ng dilim, sila'y kanyang wawasakin.

[26]Pinaparusahan niya ang masasama nang nakikita ng madla,

[27]sapagkat ang kanyang mga utos ay nilalabag nila.

[28]Dahil sa masasama, ang mahihirap ay humihibik kaya't sa daing nila ang Diyos ay nakikinig.

[29]“Kung ipasya ng Diyos na huwag kumibo, walang maaaring sa kanya'y magreklamo. Kung kanyang talikuran ang sangnilikha, ang tao kaya ay may magagawa?

[30]Walang magagawa ang alinmang bansa upang makaiwas sa pinunong masasama.

[31]“Job, inamin mo na ba sa Diyos ang iyong kasalanan, nangako ka na bang titigil sa kasamaan?

[32]Hiniling mo na bang sa iyo'y ipaunawa ang lahat ng iyong masasamang gawa? Nangako ka na bang titigil na nga sa gawang di tama?

[33]Sapagkat sa Diyos ikaw ay lumalaban, ibibigay kaya niya ang iyong kailangan? Ikaw ang magsabi ng iyong kapasyahan, sabihin mong lahat ang iyong nalalaman.

[34]“Ang taong mayroong taglay na talino na makarinig sa aki'y magsasabi ng ganito:

[35]‘Ang salita ni Job ay bunga ng kamangmangan, at lahat ng sinasabi niya ay walang kabuluhan.’

[36]Isipin ninyong mabuti ang mga sinasabi niya, ang mga sagot niya ay sagot ng taong masasama.

[37]Dinaragdagan pa niya ng paghihimagsik ang kanyang mga kasalanan, hinahamak niya ang Diyos sa ating harapan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

## Job 35

1Nagpatuloy pa si Elihu,

2“Ikaw, Job, ay wala sa katuwiran, di mo masasabing sa harap ng Diyos, ika'y walang kasalanan.

3Sa iyong sinasabi, ang mapapala ko'y ano? Hindi kaya mabuti pang nagkasala na nga ako?

4Ika'y aking sasagutin sa sinabi mong ito. Sasagutin kita, pati mga kaibigan mo.

5“Tumingala ka sa langit at igala ang paningin, masdan mo ang mataas na ulap sa papawirin.

6Di napipinsala ang Diyos sa mga kasalanan mo, walang magagawa sa kanya gaano man karami ito.

7Wala kang naitulong sa kanya sa iyong pagiging matuwid, wala kang naibigay kahit bagay na maliit.

8Kung nagkakasala ka'y kapwa mo ang nagdurusa, sa paggawa ng mabuti'y natutulungan mo sila.

9“Kapag ang mga tao'y inaapi, sila ay dumaraing, sila'y nagmamakaawa upang ang tulong ay kamtin.

10Ngunit hindi naman sila lumalapit sa Diyos, na nagbibigay ng pag-asa kung dinaranas ay lungkot.

11Ayaw nilang lumapit sa Diyos na nagbibigay sa atin ng karunungan, higit sa taglay ng mga hayop o ibon sa kalawakan.

12Humihibik sila sa Diyos ngunit hindi pinapakinggan, pagkat sila'y mga palalo at puno ng kasamaan.

13Huwag sabihing ang Makapangyarihang Diyos ay di nakikinig, na di niya pinapansin ang kanilang sinapit.

14“Ikaw na rin ang nagsabing ang Diyos ay hindi mo nakikita, maghintay ka na lamang sapagkat ang kalagayan mo'y alam niya.

15Akala mo'y hindi siya marunong magparusa, at ang kasamaa'y ipinagwawalang-bahala niya.

16Wala nang saysay kung magsasalita ka pa, mga sinasabi mo nama'y walang kuwenta.”

## Job 36

### Ipinahayag ni Elihu ang Kadakilaan ng Diyos

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Idinagdag pa ni Elihu,

2“Magtiyaga ka pa nang kaunti at makinig sa akin, pagkat ayon sa Diyos itong aking sasabihin.

3Ibubuhos kong lahat ang aking nalalaman upang patunayang ang aking Diyos ay makatarungan.

4Lahat ng sasabihin ko ay pawang katotohanan, pagkat akong kausap mo'y malawak ang kaalaman.

5“Ang Diyos ay dakila at di nagtatakwil ng sinuman, siya ay dakila sa taglay niyang kaalaman.

6Hindi niya pinatatagal ang buhay ng mga makasalanan, ang mga mahihirap ay binibigyan niya ng katarungan.

7Ang matuwid ay kanyang iniingatan, ginagawang parang hari, at binibigyang-karangalan sa lahat ng sandali.

8Kung ang tao'y nagagapos o natatanikalaan o kaya'y nagdurusa sa nagawang kasalanan,

9ipinamumukha ng Diyos ang kanilang kasamaan, at ang naghaharing hambog na isipan.

10Sila'y kanyang sinasaway at binabalaan na tumalikod sa kanilang kasamaan.

11Kung sila ay makinig at sa Diyos ay maglingkod, buhay na sagana at payapa, sa kanila'y idudulot.

12Ngunit kapag sila'y di nakinig at pinairal ang kamangmangan, tiyak na kamatayan ang kanilang hahantungan.

13“Poot ang naghahari sa dibdib ng masama, parusahan man ng Diyos, ayaw pa ring magmakaawa.

14Sa kanilang kabataan sila ay namamatay, nagwakas sa kahihiyan ang kanilang mga buhay.

15Ang tao'y pinaghihirap ng Diyos upang bigyang-aral, at kanyang pinagdurusa upang mabuksan ang kanilang pananaw.

16“Inalis ka ng Diyos sa kaguluhan, pinagtamasa ka niya ng kapayapaan, at pinuno ng pagkain ang iyong tahanan.

17Ngunit ngayon, ikaw ay pinaparusahan bilang katumbas ng iyong kasamaan.

18Huwag mong pabayaang suhulan ka ng sinuman, mag-ingat upang di mailigaw ng mga kayamanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Dumaing ka man nang dumaing ay wala nang mangyayari, ang taglay mong lakas ngayon ay wala na ring silbi.

20Huwag mong naising ang gabi'y dumating na, ang oras na ang mga bansa ay mawawala na.

21Huwag mong isipin ang magpakasama, ito ang dahilan kaya ika'y nagdurusa.

22“Alalahanin mong ang Diyos ay makapangyarihan, pinakadakilang guro sa lahat ng bagay.

23Walang makakapagsabi sa Diyos ng dapat niyang gampanan, at walang kasamaang maaaring ibintang.

24Lahat ay nagpupuri sa kanya dahil sa kanyang ginagawa, kaya ikaw man ay magpuri rin at sa kanya'y dumakila.

25Ang mga gawa niya, lahat ay namasdan, ngunit hindi ito lubos na maunawaan.

26Di masusukat ng tao ang kanyang kadakilaan, at ang kanyang mga taon ay hindi rin mabibilang.

27“Ang tubig sa lupa'y itinataas ng Diyos, upang gawing ulan at sa daigdig ay ibuhos.

28Ang mga ulap ay ginagawa niyang ulan, at masaganang ibinubuhos sa sangkatauhan.

29Sa galaw ng mga ulap ay walang nakakaalam, at kung paano kumukulog sa kalangitan.

30Pinagliliwanag niya ang kalawakan sa pagguhit ng kidlat, ngunit nananatiling madilim ang kailaliman ng dagat.

31Pinapamahalaan niya ang tao sa ganitong paraan, at masaganang pagkain, tayo'y hindi pinagkaitan.

32Ang kidlat ay kanyang hinahawakan, at pinababagsak sa nais niyang matamaan.

33Ipinapahayag ng kidlat ang kanyang kalooban, at ang kanyang galit laban sa kasamaan.

## Job 37

1Kinakabahan ako kapag bumabagyo, at hindi ko malaman ang gagawin ko.

2Pakinggan ninyo ang tinig ng Diyos mula sa bibig niya'y nanggagaling ang kulog.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Ang kidlat ay kanyang pinaguguhit sa kalangitan, mula sa isang panig ng daigdig hanggang sa kasuluk-sulukan.

4Tinig niya'y umuugong, parang dagundong ng kulog, ang pagguhit ng kidlat ay hindi malagut-lagot.

5Sa isang salita niya'y may nangyayaring kababalaghan, kahanga-hangang bagay na di natin mauunawaan.

6Pinauulan niya ng yelo sa ibabaw ng daigdig, ibinubuhos niya sa lupa ang ulang walang patid.

7Pinahihinto niya ang tao sa kanilang gawain, upang malaman nila kung ano'ng kaya niyang gawin.

8Ang maiilap na hayop ay nasa kanilang mga taguan.

9Ang malalakas na hangi'y sa timog nagmumula, at ang malamig na simoy ay galing sa hilaga.

10Sa hininga ng Diyos nabubuo itong tubig, nagiging yelong matigas at napakalamig.

11Pinabibigat niya itong mga ulap, mula rito'y pinaguguhit ang mga kidlat.

12Ito'y bilang pagsunod sa utos ng ating Diyos, sumusunod kahit saang panig nitong sansinukob.

13Ang ulang ibinubuhos ng dakilang Diyos, maaaring parusa o kagandahang-loob.

14“Tumigil ka sandali, Job, at iyong isipin, ang mga gawa ng Diyos na walang kahambing.

15Alam mo ba kung paano niya inuutusan, na maglabasan ang kidlat sa kalangitan?

16Alam mo ba kung bakit ang ulap ay lumulutang? Iyan ay gawa ng makapangyarihan niyang kamay. Tunay at ganap ang kanyang kaalaman.

17Hindi mo nga alam! Sapagkat nadarama mo lamang ang matinding init, kapag ang hanging habagat ay umiihip.

18Tulad ng ginawa niya, ang langit ba'y iyong mailalatag na parang metal na makinis at matigas?

19Ituro mo sa amin ang dapat sabihin sa Diyos, isip nami'y walang laman, pang-unawa'y kapos.

20Ang makipag-usap sa Diyos ay di ko na hahangarin, bakit bibigyan ko siya ng pagkakataong ako ay puksain?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21“Ngayon ang langit ay nalinis na ng hangin, at nakakasilaw ang kanyang luningning.

22May malagintong kaningningan sa gawing hilaga, iyon ay kaluwalhatian ng Diyos na dakila.

23Ang Diyos ay tunay na makapangyarihan, kaya walang makalapit sa kanyang kinalalagyan. Siya ay tapat at makatarungan sa pakikitungo sa sangkatauhan.

24Di kataka-takang siya'y iginagalang ng lahat, at di niya pinapansin ang mga nagkukunwaring mauutak.”

## Job 38

### Ang Sagot ng Diyos kay Job

1Pagkatapos nito, sumagot ang Diyos kay Job sa pamamagitan ng malakas na bagyo,

2“Sino kang mag-aalinlangan sa aking kaalaman? Lalo lamang lumilitaw ang iyong kamangmangan.

3Tumayo ka riyan at magpakalalaki, tanong ko'y sagutin, ikaw ay magsabi.

4Nasaan ka nang likhain ko ang mundo? Kung talagang may alam ka, lahat ay sabihin mo.

5Sino ang nagpasya tungkol sa lawak nito? Sino ang sumukat, alam mo ba ito?

6Sino ang may hawak ng mga haligi ng mundo? Sino ang naglagay ng mga panulukang-bato?

7Noong umagang iyon, ang mga bitui'y nag-awitan, at mga nilalang sa langit, sa tuwa'y nagsigawan.

8“Sino ang humarang sa agos ng dagat, nang mula sa kalaliman ito'y sumambulat?

9Tinakpan ko ang dagat ng ulap na makapal, at binalutan ito ng kadiliman.

10Ang dagat ay nilagyan ko ng hangganan, upang ito'y manatili sa likod ng mga harang.

11Sinabi kong sila'y hanggang doon na lang, at huwag lalampas ang alon na naglalakihan.

12Job, nakalikha ka ba kahit isang bukang-liwayway?

13Ang daigdig ba ay naigawa mo ng tanglaw, upang ang masasama'y mabulabog sa taguan?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Malinaw na gaya ng tatak sa putik, nang makulayan ay tumingkad gaya ng damit.

15Masasamang tao'y nasisilaw sa liwanag ng araw, sa paggawa ng karahasan sila'y napipigilan.

16“Nakapunta ka na ba sa mga bukal ng karagatan? Ang sahig ng dagat ay iyo bang nalakaran?

17May nakapagturo na ba sa iyo sa mga pintuan na pasukan tungo sa madilim na daigdig ng mga patay?

18Alam mo ba kung gaano kalaki itong mundo? Sumagot ka kung alam mo.

19“Alam mo ba kung saan nanggagaling ang liwanag, at ang kadiliman, saan ba ito nagbubuhat?

20Masasabi mo ba kung hanggang saan dapat makarating, at mula doon sila'y iyong pabalikin?

21Ikaw ay matanda na, baka nga iyong kaya, pagkat nang likhain ang daigdig, ikaw ay nariyan na!

22“Napuntahan mo na ba ang aking mga imbakan ng niyebe at ng yelong ulan?

23Ang mga ito'y aking inilalaan, sa panahon ng digmaan at ng kaguluhan.

24Nakapunta ka na ba sa sikatan ng araw, o sa pinagmumulan ng hanging silangan?

25“Sino nga ba ang humukay ng daanan ng baha? Ang landas ng kulog ay sino ang gumawa?

26Sino ang nagbibigay ng ulan sa disyerto, kahit na doo'y wala namang nakatirang tao?

27Sino ang dumidilig sa tigang na lupa, upang dito'y tumubo ang damong sariwa?

28Ang ulan ba o ang hamog ay mayroong ama?

29Ang yelong malamig, mayroon bang ina? Sino nga kaya ang nagsilang sa kanila?

30Sa labis na lamig, tubig ay tumitigas, nagiging parang bato ang ibabaw ng dagat.

31“Ang Pleyades ba'y iyong matatalian, o ang Orion kaya'y iyong makakalagan?

32Mapapatnubayan mo ba ang mga bituin, o maituturo ang daan ng malaki't maliit na diper?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

33 Alam mo ba ang mga batas sa langit, ito ba'y maiaangkop mo sa daigdig?

34 “Ang mga ulap ba'y iyong mauutusan upang sa lupa ay magbuhos ng malakas na ulan?

35 Mauutusan mo ba ang kidlat na ito'y kumislap, sumunod naman kaya sa iyong mga atas?

36 Sino ang nagsasabi sa ibong Ibis kung kailan tataas ang Ilog Nilo, at sino ang nagpapabatid sa tandang upang ibadya ang pagdating ng bukang-liwayway?

37 Sinong makakabilang sa ulap na makapal, o makakapagtaob nito upang bumuhos ang ulan?

38 Ang ulan na sa alabok ay babasa, kapag iyon ay natuyo, magiging matigas na lupa.

39 “Maihahanap mo ba ng pagkain ang mga leon, upang mapawi ang kanilang gutom?

40 Habang sila'y naroon sa kanilang taguan, at wari bang pagkai'y kanilang hinihintay?

41 Sino ang nagbibigay ng pagkain sa mga ibon, sino ang bumubusog sa kanilang inakay na nagugutom?

## Job 39

1 Ang panganganak ng mga kambing, alam mo ba kung kailan, o ang panahon na ang usa ay magsisilang?

2 Bilang mo ba ang araw ng anak niya habang nasa tiyan? Alam mo ba kung kailan ito iluluwal?

3 Namasdan mo ba habang sila ay gumagapang sa pagbubukas ng sinapupunan upang ang anak ay isilang?

4 Ang kanilang mga anak doon lumalaki sa parang at kapag malaki na ay tuluyang lumilisan.

5 “Sino ba ang nagbibigay laya sa mga asno? Sa asnong maiilap, ang nagpalaya ay sino?

6 Tirahang ibinigay ko ay ang kaparangan, at doon sa maalat na kapatagan.

7 Sila'y lumalayo sa lunsod na maingay, walang makapagpaamo at hindi mautusan.

8 Ang pastulan nila'y ang kaburulan, hinahanap nila'y sariwang damuhan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9“Ang mailap na toro iyo kayang mapagtrabaho? Maitali mo kaya siya isang gabi sa iyong kuwadra?

10Matatalian mo kaya siya ng lubid upang sa pag-aararo ay magamit, at sa paghila ng suyod sa iyong mga bukid?

11Iyo bang maaasahan ang lakas na taglay niya? Mabibigat mong gawai'y maipagkakatiwala ba sa kanya?

12Umaasa ka ba na siya ay magbabalik upang sa ani mo ay siya ang gumiik?

13“Ang pakpak ng ostrits buong gandang kumakampay, nagbabadya kaya iyon kahit bahagyang pagmamahal?

14Ang kanyang mga itlog sa lupa ay iniiwan, ito'y hinahayaang sa lupa ay mainitan.

15Di niya iniisip na baka ito'y matapakan, o baka madurog ng mailap na nilalang.

16Sa mga inakay niya siya ay malupit, hindi niya alintanang hirap niya'y di masulit,

17sapagkat pang-unawa ay di ko siya binigyan, di ko hinatian ng kahit kaunting katalinuhan.

18Ngunit napakabilis kapag siya'y tumatakbo, pinagtatawanan lang niya kahit ang kabayo.

19“Ikaw ba ang nagbigay ng lakas sa kabayo? Ikaw ba ang naglagay ng magandang buhok nito?

20Ikaw ba ang nagpapalukso dito na parang balang, at kapag humalinghing ay kinatatakutan?

21Nagpapakitang-gilas sa pagkamot niya sa lupa, at napakabilis tumakbo upang makidigma.

22Siya ay nagtatawa sa gitna ng panganib, sa tabak na nakaumang, hindi siya nanginginig.

23Ang mga sandata ng sa kanya'y nakasakay, sa sikat ng araw kumakalampag at kumikinang.

24Sa bilis ng kanyang takbo, lupa'y parang nilululon, hindi siya mapakali kapag trumpeta ay umugong.

25Sa tunog ng trumpeta'y halinghing ang sagot niya. Ang ingay ng digmaan, dinig nito kahit malayo pa; maging ang utos ng kapitan sa mga kasama.

26“Ikaw ba ang nagturo sa lawin upang ito'y makalipad, kapag ikinakampay ang pakpak tungo sa timog ang tahak?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Naghihintay ba ng iyong utos ang agila, upang sa mataas na bundok gumawa ng pugad niya?

28Matataas na bato ang kanyang tirahan, mga pagitan ng bato ang pinagkukutaan.

29Ang kanyang biktima'y doon niya pinagmamasdan, kahit malayo pa ay kanya nang natatanaw.

30Sa kanyang mga inakay, dugo ang ibinubuhay, at tiyak na naroon siya kung saan mayroong bangkay."

## Job 40

1Sinabi ni Yahweh kay Job,

2"Ang mapaghanap ba ng mali ay mangangatwiran, at sa Makapangyarihan ay makikipaglaban? Sinumang sa Diyos ay nakikipagtalo, ay dapat sumagot sa tanong na ito."

3Tumugon naman si Job,

4"Narito, ako'y hamak at walang kabuluhan, wala akong maisasagot, bibig ay tatakpan.

5Sa panig ko'y nasabi na ang lahat ng sasabihin, ako'y di na kikibo, nasabi'y di na uulitin."

### Ang Kapahayagan ng Kapangyarihan ng Diyos

6Buhat sa bagyo, sinagot ni Yahweh si Job,

7"Tumayo ka ngayon at magpakalalaki, tanong ko'y sagutin, ikaw ay magsabi.

8Ako pa ba ang nais mong palabasing masama upang iyong palitawin na ikaw ang siyang tama?

9Ang iyong lakas ba ay katulad ng sa Diyos? Tinig mo ba'y dumadagundong, katulad ng kulog?

10Kung gayon, balutin mo ang sarili ng dangal at kadakilaan, magbihis ka muna ng luwalhati't kaningningan.

11Ibuhos mo nga ang tindi ng iyong poot, at ang mga palalo'y iyong ilugmok.

12Subukin mong pahiyain ang mga palalo, at ang masasama'y tapakan sa kanilang puwesto.

13Ibaon mo silang lahat sa ilalim ng lupa, sa daigdig ng mga patay sila'y itanikala.

14Kung iyan ay magawâ mo, maniniwala ako sa iyo na kaya mong magtagumpay sa sariling kakayahan mo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15“Ang dambuhalang hayop ay tingnan mo, gaya mo'y nilikha ko dito sa mundo. Ito'y parang baka kung kumain ng damo.

16Ang lakas niya'y naiipon sa kanyang katawan; ang kapangyarihan, sa himaymay ng kanyang laman.

17Ang tigas ng buntot niya ay sedar ang katulad, ang kanyang mga hita'y siksik at matatag.

18Parang tanso ang kanyang mga buto, sintigas ng bakal ang kanyang mga braso.

19“Siya ay pangunahin sa mga nilikha, ngunit magagapi nang sa kanya'y lumikha.

20Siya'y nanginginain doon sa mga bundok, doon sa tirahan ng kapwa niya hayop.

21Siya'y doon lumalagi sa ilalim ng tinikan, nakatago sa gitna ng mga talahib sa putikan.

22Sanga ng mga puno ang sa kanya'y tumatakip, sa kanya'y nakapaligid sa tabi nitong batis.

23Hindi siya natatakot lumakas man ang agos; ang Jordan man ay lumalim, mahinahon pa rin kung kumilos.

24Siya kaya ay mahuli sa pamamagitan ng bingwit, makuha kaya siya sa ilong sa pamamagitan ng kawit?

## Job 41

1“Mahuhuli mo ba ang Leviatan sa pamamagitan ng pamingwit? Maitatali mo ba ang dila nito sa pamamagitan ng lubid?

2Matatalian mo kaya ng lubid ang ilong nito? Tatagusan kaya ng kawit ang mga panga nito?

3Siya kaya ay lumapit at lumuhod sa harap mo, magsalita nang malumanay at magmakaawa sa iyo?

4Siya kaya'y makiusap at ikaw ay pangakuan, na sa habang buhay ikaw ay paglingkuran?

5Siya kaya'y parang ibong tatalian at lalaruin upang mga babaing lingkod mo ay aliwin?

6Tawaran kaya siya ng mga mamimili, paghatian kaya siya upang maipagbili?

7Tablan kaya ang makapal niyang balat, sa ulo kaya niya'y tumagos ang matulis na sibat?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Hawakan mo siya kahit na minsan lang, hindi mo na uulitin dahil sa inyong paglalaban.

9"Ang sinumang sa kanya'y makakakita, sa lupa'y mabubuwal, nawawalan ng pag-asa.

10Kapag siya'y ginambala, ubod siya ng bagsik. Sa kanyang harapa'y walang nangangahas lumapit.

11Sinong lulusob sa kanya at hindi mamamatay? Walang makakagawa nito sa buong sanlibutan.

12"Ang kanyang mga binti ay malaki at matatag, at walang kaparis ang taglay nitong lakas.

13Sino ang makakapag-alis sa panlabas niyang kasuotan? May sandata na bang nakatusok sa balat niyang makapal?

14Sa bibig niya'y sino kaya ang maaaring magbuka? Nakakatakot na mga ngipin nakahanay sa bunganga niya.

15Maraming kalasag, nakahanay sa kanyang likod; sintigas ng bato at nakalagay nang maayos.

16-17Masinsin ang pagkaayos, ito'y dikit-dikit, walang pagitan, ni hangin ay di makasingit.

18Kung siya ay bumahin, ang ilong ay nag-aapoy, mata niya'y mapula parang araw sa dapit-hapon.

19Mula sa bibig niya'y may apoy na lumalabas, mga baga ng apoy ang doo'y sumisiklab.

20Sa ilong niya'y nanggagaling ang makapal na usok, parang usok na nagmumula sa kumukulong palayok at damong sinusunog.

21Hininga niya'y nagbabaga, sa init ay nag-aalab; naglalagablab na apoy sa bibig niya'y nagbubuhat.

22Ang kanyang leeg nama'y puno ng kalakasan, sinumang makakita sa kanya'y kinikilabutan.

23Walang mahinang bahagi sa kanyang balat, tulad ng bakal, matigas at makunat.

24Ang tigas ng kanyang puso, bato ang katulad, gaya ng batong gilingan sa tibay at tatag.

25Kapag siya ay tumayo masisindak rin ang pinakamalakas, wala silang magawâ, at sa takot ay tumatakas.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Pagkat siya'y di tatablan kahit na ng tabak, maging ng palaso, ng punyal o ng sibat.

27Sa kanya ang bakal ay parang dayaming marupok, ang katulad nitong tanso ay kahoy na nabubulok.

28Sa palaso'y hindi siya maaaring mapatakbo, sa kanya'y parang dayami ang tirador at ang bato.

29Kahoy na panghampas sa kanya'y para lamang patpat, tumatawa lamang siya kapag siya'y sinisibat.

30Kaliskis ng kanyang tiyan ay napakatalas, at sa putik na daanan, nag-iiwan ng mga bakas.

31Kaya niyang pakuluin ang malalim na tubig, hinahalo niya ang dagat na parang palayok ng langis.

32Ang kanyang madaana'y kumikislap sa liwanag, ang akala mo sa tubig, puting buhok ang katulad.

33Dito sa daigdig ay wala siyang katulad, pagkat siya'y walang takot, hindi nasisindak.

34Sa lahat ng mga hayop ay mababa ang tingin niya, at sa kanilang lahat ang naghahari ay siya.”

## Job 42

### Kinilala ni Job ang Kanyang Pagkakamali

1Ito naman ang sagot ni Job kay Yahweh:

2“Alam kong ang lahat ng bagay ay kaya ninyong gawin, at walang makakapigil sa lahat ng inyong balakin.

3Itinatanong ninyo, ‘Sino akong nangahas na kayo'y pag-alinlanganan gayong ako nama'y walang nalalaman?’ Nagsalita ako ng mga bagay na di ko nauunawaan, ng mga hiwagang di abot ng aking isipan.

4Sinabi ninyong papakinggan ko ang iyong sasabihin, at ang iyong mga tanong ay aking sasagutin.

5Noo'y nakilala ko kayo dahil sa sinabi ng iba, subalit ngayo'y nakita ko kayo ng sarili kong mga mata.

6Kaya ako ngayon ay nagsisisi, ikinahihiya lahat ng sinabi, sa alabok at abo, ako ay nakaupo.”

7Pagkasabi nito kay Job, si Elifaz na Temaneo naman ang hinarap ni Yahweh. Sinabi niya, “Matindi ang galit ko sa iyo at sa dalawa mong kaibigan

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

sapagkat hindi ninyo sinabi ang katotohanan tungkol sa akin tulad nang ginawa ni Job.

8Kaya ngayon, kumuha kayo ng pitong toro at pitong tupa. Dalhin ninyo ito kay Job at sunugin bilang handog. Ipapanalangin kayo ni Job. Siya lamang ang papakinggan ko para hindi na kayo pagbayarin sa inyong kahangalan, dahil sa hindi ninyo paglalahad ng buong katotohanan tulad nang ginagawa niya."

9Ganoon nga ang ginawa nina Elifaz na Temaneo, Bildad na Suhita, at Zofar na Naamita. At ang panalangin ni Job ay dininig ni Yahweh.

**Ibinalik ang Dating Kabuhayan ni Job**

10Ang kabuhayan ni Job ay ibinalik ni Yahweh sa dati, nang ipanalangin nito ang tatlong kaibigan. At dinoble pa ni Yahweh ang kayamanan ni Job.

11Lahat ng kapatid nito, mga kamag-anak at kakilala ay dumalaw sa kanya at nagsalu-salo sila. Bawat isa'y nakiramay sa nangyari sa kanya at nagbigay ng salapi at singsing na ginto.

12Ang mga huling araw ni Job ay higit na pinagpala ni Yahweh. Binigyan niya ito ng labing-apat na libong tupa, anim na libong kamelyo, dalawang libong baka at sanlibong inahing asno.

13Nagkaroon pa si Job ng pitong anak na lalaki at tatlong anak na babae.

14Ang pangalan ng mga babae ay Jemima, Kezia at Keren-hapuc.

15Ang mga anak na babae ni Job ang pinakamaganda sa buong lupain. Pinamanahan din niya ang mga ito, tulad ng mga anak na lalaki.

16Si Job ay nabuhay pa nang sandaan at apatnapung taon. Inabutan pa siya ng kanyang mga apo sa ikaapat na salinlahi.

17Matandang-matanda na siya nang mamatay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Awit

## Mga Awit 1

**UNANG AKLAT**
***(Mga Awit 1–41)***
**Ang Tunay na Kagalakan**

1Mapalad ang taong hindi nakikinig sa payo ng masama, at hindi sumusunod sa masama nilang halimbawa. Hindi siya nakikisama sa mga kumukutya at hindi nakikisangkot sa gawaing masama.

2Sa halip, kasiyahan niyang sumunod sa kautusan ni Yahweh. Binubulay-bulay niya ito sa araw at gabi.

3Katulad niya'y punongkahoy sa tabi ng isang batisan, laging sariwa ang dahon at namumunga sa takdang panahon. Ano man ang kanyang gawin, siya'y nagtatagumpay.

4Hindi gayon ang sinumang gumagawa ng masama, ito ay tulad ng ipa, hangin ang siyang nagtatangay.

5Sa araw ng paghuhukom, parusa niya'y nakalaan siya'y ihihiwalay sa grupo ng mga banal.

6Sa taong matuwid, si Yahweh ang pumapatnubay, ngunit ang taong masama, kapahamakan ang hantungan.

## Mga Awit 2

**Ang Haring Pinili ni Yahweh**

1Bakit nagbabalak maghimagsik ang mga bansa? Sa sabwatan nilang ito'y anong kanilang mapapala?

2Mga hari ng lupa'y nagkasundo at sama-samang lumalaban, hinahamon si Yahweh at ang kanyang hinirang:

3Sinasabi nila: “Ang paghahari nila sa atin ay dapat nang matapos; dapat na tayong lumaya at kumawala sa gapos.”

4Si Yahweh na nakaupo sa langit ay natatawa lamang, lahat ng plano nila ay wala namang katuturan.

5Sa tindi ng kanyang galit, sila'y kanyang binalaan; sa tindi ng poot, sila'y kanyang sinabihan,

6“Doon sa Zion, sa bundok na banal, ang haring pinili ko'y aking itinalaga.”

7“Ipahahayag ko ang sinabi sa akin ni Yahweh, ‘Ikaw ang aking anak, mula ngayo'y ako na ang iyong ama.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[8]Hingin mo ang mga bansa't ibibigay ko sa iyo, maging ang buong daigdig ay ipapamana ko.

[9]Dudurugin mo sila ng tungkod na bakal; tulad ng palayok, sila'y magkakabasag-basag.'"

[10]Kaya't magpakatalino kayo, mga hari ng mundo, ang babalang ito'y unawain ninyo:

[11]Paglingkuran ninyo si Yahweh nang may takot at paggalang, sa paanan ng kanyang anak

[12]yumukod kayo't magparangal, baka magalit siya't bigla kayong parusahan. Mapalad ang taong ang Diyos ang kanlungan.

## Mga Awit 3

**Panalangin sa Umaga**

*Awit ni David nang siya'y tumatakas mula kay Absalom.*

[1]O Yahweh, napakarami pong kaaway, na sa akin ay kumakalaban!

[2]Ang lagi nilang pinag-uusapan, ako raw, O Diyos, ay di mo tutulungan! (Selah)

[3]Ngunit ikaw, Yahweh, ang aking sanggalang, binibigyan mo ako ng tagumpay at karangalan.

[4]Tumatawag ako kay Yahweh at humihingi ng tulong, sinasagot niya ako mula sa banal na bundok. (Selah)

[5]Ako'y nakakatulog at nagigising, buong gabi'y si Yahweh ang tumitingin.

[6]Sa maraming kalaba'y di ako matatakot, magsipag-abang man sila sa aking palibot.

[7]Yahweh na aking Diyos, iligtas mo ako! Parusahang lahat, mga kaaway ko, kapangyarihan nila'y iyong igupo.

[8]Si Yahweh ang nagbibigay ng tagumpay; pagpalain mo nawa ang iyong bayan! (Selah)

## Mga Awit 4

**Panalangin sa Gabi**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit; sa saliw ng instrumentong may kuwerdas.*

[1]Sagutin mo po ang aking pagtawag, O Diyos, na aking kalasag! Sa kagipitan ko, ako'y iyong tinulungan, kaawaan mo ako ngayon, dalangin ko'y pakinggan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

2 Kayong mga tao, hanggang kailan ninyo ako hahamakin? Ang walang kabuluhan at kasinungalingan, hanggang kailan ninyo iibigin? (Selah)

3 Dapat ninyong malamang itinalaga ni Yahweh ang matuwid, kapag tumatawag ako sa kanya, siya'y nakikinig.

4 Huwag hayaang magkasala ka nang dahil sa galit; sa iyong silid, pag-isipa't ika'y manahimik. (Selah)

5 Nararapat na handog, inyong ialay, pagtitiwala n'yo'y kay Yahweh ibigay.

6 Tanong ng marami, “Sinong tutulong sa atin?” Ikaw, O Yahweh, ang totoong mahahabagin!

7 Puso ko'y iyong pinuno ng lubos na kagalakan, higit pa sa pagkain at alak na inumin.

8 Sa aking paghiga, nakakatulog nang mahimbing, pagkat ikaw, Yahweh, ang nag-iingat sa akin.

## Mga Awit 5

**Panalangin Upang Tulungan ng Diyos**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit; sa saliw ng plauta.*

1 Pakinggan mo, Yahweh, ang aking pagdaing, ang aking panaghoy, sana'y bigyang pansin.

2 Aking Diyos at hari, karaingan ko'y pakinggan, sapagkat sa iyo lang ako nananawagan.

3 Sa kinaumagahan, O Yahweh, tinig ko'y iyong dinggin, at sa pagsikat ng araw, tugon mo'y hihintayin.

4 Ikaw ay Diyos na di nalulugod sa kasamaan, mga maling gawain, di mo pinapayagan.

5 Ang mga palalo'y di makakatagal sa iyong harapan, mga gumagawa ng kasamaa'y iyong kinasusuklaman.

6 Pinupuksa mo, Yahweh, ang mga sinungaling, galit ka sa mamamatay-tao, at mga mapanlamang.

7 Ngunit dahil sa iyong dakilang pagmamahal, makakapasok ako sa iyong tahanan; ika'y sambahin ko sa Templo mong banal, luluhod ako tanda ng aking paggalang.

8 Patnubayan mo ako, Yahweh, sa iyong katuwiran, dahil napakarami ng sa aki'y humahadlang, landas mong matuwid sa aki'y ipaalam, upang ito'y aking laging masundan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Ang mga sinasabi ng mga kaaway ko'y kasinungalingan; saloobin nila'y pawang kabulukan; parang bukás na libingan ang kanilang lalamunan, pananalita nila'y pawang panlilinlang.

10O Diyos, sila sana'y iyong panagutin, sa sariling pakana, sila'y iyong pabagsakin; sa dami ng pagkakasala nila, sila'y iyong itakwil, sapagkat mapaghimagsik sila at mga suwail.

11Ngunit ang humihingi ng tulong sa iyo ay masisiyahan, at lagi silang aawit nang may kagalakan. Ingatan mo ang mga sa iyo'y nagmamahal, upang magpatuloy silang ika'y papurihan.

12Pinagpapala mo, O Yahweh, ang mga taong matuwid, at gaya ng kalasag, protektado sila ng iyong pag-ibig.

## Mga Awit 6

**Panalangin sa Panahon ng Bagabag**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit: sa saliw ng instrumentong may kuwerdas; ayon sa Sheminit.*

1O Yahweh, huwag mo akong sumbatan nang dahil lamang sa galit, o kaya'y parusahan kapag ika'y nag-iinit.

2Ubos na ang lakas ko, ako'y iyong kahabagan, pagalingin mo ako, mga buto ko'y nangangatal.

3Ang aking kaluluwa'y lubha nang nahihirapan, O Yahweh, ito kaya'y hanggang kailan magtatagal?

4Magbalik ka, O Yahweh, at buhay ko'y iligtas, hanguin mo ako ng pag-ibig mong wagas.

5Kapag ako ay namatay, di na kita maaalala, sa daigdig ng mga patay, sinong sa iyo'y sasamba?

6Pinanghihina ako nitong aking karamdaman; gabi-gabi'y basa sa luha itong aking higaan, binabaha na sa kaiiyak itong aking tulugan.

7Mata ko'y namamaga dahil sa aking pagluha, halos di na makakita, mga kaaway ko ang may gawa.

8Kayong masasama, ako'y inyong layuan, pagkat dininig ni Yahweh ang aking karaingan.

9Diniriinig ni Yahweh ang aking pagdaing, at sasagutin niya ang aking panalangin.

10Ang mga kaaway ko'y daranas ng matinding takot at kahihiyan; sila'y aatras at sa biglang pagkalito'y magtatakbuhan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Awit 7

**Panalangin Upang Magtamo ng Katarungan**

*Shigaion ni David na kanyang inawit kay Yahweh; patungkol kay Cus, na isang Benjaminita.*

1O Yahweh, aking Diyos, sa iyo ako lumalapit, iligtas mo ako sa mga taong sa aki'y tumutugis,

2kundi, sila'y parang leon na lalapa sa akin kung walang magliligtas, ako nga ay papatayin.

3O Yahweh, aking Diyos, kung ako ma'y nagkasala, at kung aking mga kamay ay puminsala sa iba,

4kung ako ay naging taksil sa tapat kong kaibigan, kung ako po'y naminsala o nang-api ng kaaway,

5payag akong hulihin, patayin kung kailangan, iwan akong walang buhay at sa lupa'y mahandusay. (Selah)

6O Yahweh, bumangon ka, puksain mo ang kaaway, ako'y iyong ipagtanggol sa malupit nilang kamay! Gumising ka't sagipin mo, ako ngayon ay tulungan, dahil ang hangad mo'y maghari ang katarungan.

7Tipunin mo sa iyong piling ang lahat ng mga bansa, at mula sa trono sa kaitaasan, ikaw, Yahweh, ang mamahala.

8Sa lahat ng mga bayan, ikaw ang hukom na dakila, humatol ka sa panig ko sapagkat ako'y taong tapat.

9Ikaw ay isang Diyos na matuwid, batid mo ang aming damdamin at pag-iisip; sugpuin mo ang gawain ng masasama, at ang mabubuti'y bigyan mo ng gantimpala.

10Ang Diyos ang aking sanggalang; inililigtas niya ang may pusong makatarungan.

11Ang Diyos ay isang hukom na makatarungan, at nagpaparusa sa masama sa bawat araw.

12Kung di sila magbabago sa masasama nilang gawa, ang tabak ng Diyos ay kanyang ihahasa; pati ang kanyang pana ay kanyang ihahanda.

13Mga pamatay na sandata ay kanyang itatakda, kanya ring iuumang ang mga palasong nagbabaga.

14Pagmasdan mo ang masama, sa baluktot niyang isip, ipinaglilihi niya ang kalokohan at ipinanganganak niya ang kasamaan.

15Humuhukay ng patibong para sa ibang tao, subalit siya rin mismo ang nahuhulog dito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Siya rin ang may gawa sa parusang tinatanggap, sa sariling karahasan, siya ngayo'y naghihirap.

17Pasasalamatan ko si Yahweh sa kanyang katarungan, aawitan ko ng papuri ang Kataas-taasan niyang ngalan.

## Mga Awit 8

**Kaluwalhatian ng Diyos at Dignidad ng Tao**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit: sa saliw ng Gittith.*

1O Yahweh, na aming Panginoon, sa buong mundo'y tunay kang dakila! Iyong papuri'y abot sa langit!

2Pinupuri ka ng mga bata't bagong silang, ikaw ay nagtayo ng isang tanggulan, kaya't natahimik ang lahat ng iyong kaaway.

3Pinagmasdan ko ang langit na gawa ng iyong kamay, pati ang buwan at mga bituin na iyong inilagay.

4Ano ba ang tao upang iyong pahalagahan; o ang anak ng tao upang iyong pangalagaan?

5Nilikha mo siyang mababa sa iyo nang kaunti, pinuspos mo siya ng dangal at ng luwalhati.

6Ginawa mo siyang pinuno ng lahat ng iyong nilikha, sa lahat ng mga bagay, siya ang iyong pinamahala:

7mga tupa at kawan pati na ang mababangis,

8lahat ng ibong lumilipad, at mga isda sa karagatan, at lahat ng nilikhang nasa karagatan.

9O Yahweh, na aming Panginoon, sa buong mundo'y tunay kang dakila!

## Mga Awit 9

**Pasasalamat sa Diyos Dahil sa Kanyang Katarungan**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit: ayon sa tono ng Muth-labben.*

1Pupurihin kita, Yahweh, nang buong puso ko, mga kahanga-hangang ginawa mo'y ipahahayag ko.

2Dahil sa iyo, ako ay aawit na may kagalakan, pupurihin kita, O Diyos na Kataas-taasan.

3Makita ka lang ay umuurong na ang aking mga kaaway, sila'y nabubuwal at namamatay sa iyong harapan.

4Patas at makatarungan ka sa iyong paghatol, matuwid kong panig ay iyong ipinagtanggol.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5 Binalaan mo ang mga bansa, nilipol ang masasama; binura mo silang lahat sa balat ng lupa.

6 Ang mga kalaban nami'y naglaho nang lubusan, ang kanilang mga lunsod, iyo nang winakasan, at sa aming alaala'y nalimot nang tuluyan.

7 Ngunit si Yahweh ay naghaharing walang putol, itinatag niya ang kanyang trono para sa paghahatol.

8 Pinapamahalaan niya ang daigdig ayon sa katuwiran, hinahatulan niya ang mga bansa ayon sa katarungan.

9 Si Yahweh ang takbuhan ng mga pinahihirapan, matibay na kanlungan sa oras ng kaguluhan.

10 Nananalig sa iyo, Yahweh, ang kumikilala sa iyong pangalan, dahil wala pang lumapit sa iyo na iyong tinanggihan.

11 Kay Yahweh na hari ng Zion ay umawit tayo ng papuri, sa lahat ng bansa ang ginawa niya'y ipagbunyi!

12 Inaalala ng Diyos ang mga nahihirapan, mga karaingan nila'y di niya nakakalimutan.

13 O Yahweh, ako sana'y iyong kahabagan, masdan ang pahirap na dinaranas ko mula sa kaaway! Iligtas mo ako sa bingit ng kamatayan,

14 upang sa harapan ng Lunsod ng Zion, aking isalaysay. Dahil sa iyong pagliligtas, papuri ko'y ibibigay.

15 Nahulog ang mga bansa, sa patibong na gawa nila; sa bitag para sa akin, ang nahuli ay sila!

16 Sa matuwid niyang hatol si Yahweh ay nagpakilala, at ang masasama'y nahuhuli sa mga bitag na gawa nila. (Higgaion, Selah)

17 Sa daigdig ng mga patay doon sila matatapos, pati ang lahat ng bansang nagtakwil sa Diyos.

18 Hindi habang panahong pababayaan ang dukha; hindi na rin mawawala, pag-asa ng maralita.

19 Huwag mong tulutan, Yahweh, na labanan ka ng mga tao! Tipunin mong lahat ang mga bansa at sila'y hatulan mo.

20 Takutin mo, O Yahweh, ang lahat ng bayan, at iyong ipabatid na sila'y tao lamang. (Selah)

## Mga Awit 10

### Panalangin Upang Magtamo ng Katarungan

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

1O Yahweh, bakit masyado kang malayo? Sa panahon ng gulo, bakit ka nagtatago?

2Inaapi ang mga dukha ng palalo't walang-awa; nawa'y sila ang mahuli sa patibong nilang gawa.

3Ipinagyayabang ng masasama ang kanilang mga hangarin; si Yahweh ay nilalait at sinusumpa ng mga sakim.

4Ang sabi ng masasamang tao, "Diyos ay walang pakialam," sabi nila'y "walang Diyos," dahil sa kanilang kahambugan.

5Ang masasama'y palaging nagtatagumpay; ang hatol ng Diyos ay di nila nauunawaan, palagi nilang tinutuya ang kanilang mga kaaway.

6Sinasabi nila sa sarili, "Hindi kami mabibigo; kaguluhan sa buhay, hindi namin matatamo."

7Namumutawi sa bibig nila'y sumpa, banta at pandaraya, dila nila'y laging handa sa marumi't masamang pananalita.

8Sa mga nayon sila'y nag-aabang, upang paslangin ang walang kamalay-malay.

9Para silang leon na nasa taguan, mga kawawang dukha'y inaabangan, hinuhuli ang mga ito sa kanilang bitag, at pagkatapos ay kinakaladkad.

10Dahan-dahan silang gumagapang, upang biktimahin ang mga mahihina.

11Ganito ang sabi ng masasama, "Ang Diyos ay walang pakialam! Mata niya'y nakapikit, di niya ako mapagmamasdan."

12Gumising ka, O Yahweh, at ang masasama'y parusahan, silang mga naghihirap ay huwag mong kalimutan!

13Bakit hinahayaan ng Diyos na hamakin siya ng masasama, na nagsasabing ang parusahan sila'y di raw niya magagawa?

14Subalit nakikita mo ang hirap at kaapihan, at ikaw ay palaging handang dumamay. Ang mga kapus-palad ay sa iyo lang umaasa, sa tuwina'y sumasaklolo ka sa mga ulila.

15Mga braso ng masasama'y iyong baliin, parusahan mo sila't kasamaa'y sugpuin.

16Naghahari si Yahweh magpakailanpaman, mga bansang may ibang Diyos, sa lupa'y mapaparam.

17Papakinggan mo, Yahweh, ang dalangin ng mga hamak, patatatagin mo ang loob ng mga kapus-palad.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Ipagtatanggol mo ang mga api at mga ulila, upang wala nang taong mananakot ng kapwa.

## Mga Awit 11

**Pagtitiwala kay Yahweh**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1Kay Yahweh ko isinalig ang aking kaligtasan, kaya't ang ganito'y huwag sabihin ninuman: “Lumipad kang tulad ng ibon patungo sa kabundukan,

2sapagkat ang pana ng masasama ay laging nakaumang, upang tudlain ang taong matuwid mula sa kadiliman.

3Ang mabuting tao'y mayroon bang magagawa, kapag ang mga pundasyon ng buhay ay nasira?”

4Si Yahweh ay naroon sa kanyang banal na Templo, doon sa kalangitan, nakaupo sa kanyang trono, at buhat doo'y pinagmamasdan ang lahat ng tao, walang maitatagong anuman sa gawa ng mga ito.

5Ang mabuti at masama ay kanyang sinusuri; sa taong suwail siya'y lubos na namumuhi.

6Pinauulanan niya ng apoy at asupre ang masasamang tao; at sa mainit na hangin sila'y kanyang pinapaso.

7Si Yahweh ay matuwid at sa gawang mabuti'y nalulugod; sa piling niya'y mabubuhay ang sa kanya'y sumusunod.

## Mga Awit 12

**Panalangin Upang Tulungan ng Diyos**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit: sa saliw ng Sheminit.*

1O Yahweh, kami sana'y iligtas mo! Pagkat wala na ngayong mabuting tao, wala nang taong tapat at totoo.

2Nagsisinungaling silang lahat sa isa't isa, nagkukunwari at nagdadayaan sila.

3Patigilin mo, Yahweh, ang madaldal na dila, at sarhan ang bibig ng hambog magsalita;

4silang laging nagsasabi, “Kami'y magsasalita ng nais namin; at sa gusto nami'y walang makakapigil!”

5“Darating na ako,” sabi ni Yahweh, “Upang saklolohan ang mga inaapi. Sa pinag-uusig na walang magkupkop, hangad nilang tulong ay ipagkakaloob!”

6Ang mga pangako ni Yahweh ay maaasahan, ang katulad nila'y pilak na lantay; tinunaw sa hurnong hinukay, pitong beses na pinadalisay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Kami, Yahweh, ay lagi mong ingatan, sa ganitong mga tao ay huwag pabayaan;

8Ang masasamang tao'y nasa lahat ng lugar, ang mga gawang liko ay ikinararangal!

## Mga Awit 13

**Panalangin Upang Tulungan ng Diyos**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1Hanggang kailan, Yahweh, ako'y iyong lilimutin? Gaano katagal kang magtatago sa akin?

2Gaano katagal pa itong hapdi ng damdamin at ang lungkot sa puso kong gabi't araw titiisin? Kaaway ko'y hanggang kailan magwawagi sa akin?

3Yahweh, aking Diyos, tingnan mo ako at sagutin, huwag hayaang mamatay, lakas ko'y panumbalikin.

4Baka sabihin ng kaaway ko na ako'y kanilang natalo, at sila'y magyabang dahil sa pagbagsak ko.

5Nananalig ako sa pag-ibig mong wagas, magagalak ako dahil ako'y ililigtas.

6O Yahweh, ika'y aking aawitan, dahil sa iyong masaganang kabutihan.

## Mga Awit 14

**Ang Kasamaan ng Tao**

(Awit 53)

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1“Wala namang Diyos!” ang sabi ng hangal sa kanyang sarili. Silang lahat ay masasama, kakila-kilabot ang kanilang mga gawa; walang gumagawa ng mabuti, wala nga, wala!

2Nagmamasid si Yahweh mula sa itaas, sangkatauha'y kanyang sinisiyasat; tinitingnan kung may taong marunong pa, na sa kanya'y gumagalang at sumasamba.

3Silang lahat ay naligaw ng landas, at naging masasama silang lahat; walang gumagawa sa kanila ng tama, wala ni isa man, wala nga, wala!

4Ang tanong ni Yahweh: “Di ba nila alam, itong masasama, lahat na ba'y mangmang? Itong aking baya'y pinagnanakawan at akong si Yahweh ay ayaw dalanginan!”

5Darating ang araw na sila'y matatakot, sapagkat kakampi ng Diyos ang mga sa kanya'y sumusunod.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Hadlangan man nila ang balak ng mga taong hamak, ngunit si Yahweh ang sa kanila'y mag-iingat.

7Ang aking hinihiling nawa ay dumating, mula sa Zion, ang kaligtasan ng Israel. Labis na magagalak ang bayang Israel, kapag muli silang pasaganain ni Yahweh.

## Mga Awit 15

**Ang Hinihiling ng Diyos**

*Awit ni David.*

1O Yahweh, sino kayang makakapasok sa iyong Templo? Sinong karapat-dapat sumamba sa iyong burol na sagrado?

2Ang taong masunurin sa iyo sa lahat ng bagay, at laging gumagawa ayon sa katuwiran, mga salita'y bukal sa loob at pawang katotohanan,

3at ang kapwa'y hindi niya sisiraan. Di siya gumagawa ng masama sa kanyang kaibigan, tungkol sa kapwa'y di nagkakalat ng kasinungalingan.

4Ang itinakwil ng Diyos ay di niya pinapakisamahan, mga may takot kay Yahweh, kanyang pinaparangalan. Sa pangakong binitiwan, siya'y laging tapat, anuman ang mangyari, salita'y tinutupad.

5Hindi nagpapatubo sa kanyang mga pinautang, di nasusuhulan para ipahamak ang walang kasalanan. Ang ganitong tao'y di matitinag kailanman.

## Mga Awit 16

**Panalangin ng Pagtitiwala sa Diyos**

*Miktam ni David.*

1Ingatan mo sana ako, O Diyos, sa iyo ako nanganganlong at nagtitiwalang lubos.

2Ang sabi ko kay Yahweh, “Ikaw ang Panginoon ko, kabutihang tinatamasa ko, lahat ay mula sa iyo.”

3Mga lingkod ng Panginoon ay dakila't mararangal! Sila'y nagmumula sa iba't ibang bayan; ligaya ng sarili ang sila'y aking makapisan.

4Ang mga bumabaling sa ibang diyos, sulirani'y sunud-sunod, sa mga paghahandog nila'y hindi ako sasama; at sa kanilang mga diyos, ako'y hindi sasamba, hindi rin maglilingkod, ni pupuri sa kanila.

5Ikaw lamang, Yahweh, ang lahat sa aking buhay, lahat ng kailangan ko'y iyong ibinibigay, kinabukasan ko'y nasa iyong mga kamay.

6Mga kaloob mo sa akin ay kahanga-hanga, napakaganda ng iyong pamana!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7 Pinupuri ko si Yahweh na sa aki'y pumapatnubay, at sa gabi, sa budhi ko siya ang gumagabay.

8 Alam kong kasama ko siya sa tuwina; hindi ako matitinag pagkat kapiling siya.

9 Kaya't ako'y nagdiriwang, puso't diwa ko'y nagagalak, hindi ako matitinag sapagkat ako'y panatag.

10 Pagkat di mo tutulutang ang mahal mo ay masadlak, sa daigdig ng mga patay at doon ay maagnas.

11 Ituturo mo ang landas na patungo sa buhay, sa piling mo'y madarama ang lubos na kagalakan; ang tulong mo'y nagdudulot ng ligayang walang hanggan.

## Mga Awit 17

### Panalangin ng Isang Walang Sala

*Panalangin ni David.*

1 Pakinggan mo, Yahweh, ang sigaw ng katarungan, dinggin mo ako sa aking kahilingan; dalangin ko sana'y iyong pakinggan, sapagkat labi ko nama'y hindi nanlilinlang.

2 Hahatol ka para sa aking panig, pagkat alam mo kung ano ang matuwid.

3 Kaibuturan ng puso ko ay iyong nababatid, kahit sa gabi'y ikaw sa aki'y nagmamasid. Siniyasat mo ako at napatunayang matuwid, walang kasamaan maging sa aking bibig.

4 Ang salita ko nga'y tapat, di tulad ng karamihan; tapat akong sumusunod sa utos mong ibinigay, ako ay umiiwas sa landas ng karahasan.

5 Lagi kong nilalakaran ang iyong daan, hindi ako lumihis doon kahit kailan.

6 Tumatawag ako sa iyo, O Diyos, sapagkat ako'y iyong sinasagot; kaya ngayo'y pakinggan mo ako at pansinin ang karaingan ko.

7 Ipakita mo sa akin ang kahanga-hanga mong pagmamahal, at ang iyong kanang kamay ang sa aki'y umalalay.

8 Ako'y bantayan mo, ang paborito mong anak, at palagi mong ingatan sa lilim ng iyong pakpak;

9 mula sa kuko ng masasama ako'y iyong iligtas. Napapaligiran ako ng malulupit na kaaway,

10 mayayabang magsalita, suwail at matatapang;

11 saanman ako magpunta'y lagi akong sinusundan, naghihintay ng sandali na ako ay maibuwal.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Para silang mga leon, na sa aki'y nag-aabang, mga batang leon na
nakahandang sumagpang.

13Lumapit ka, O Yahweh, mga kaaway ko'y hadlangan, sa pamamagitan ng
tabak, ako'y ipaglaban!

14Sa lakas ng iyong bisig ako'y iyong isanggalang, sa ganitong mga taong
sagana ang pamumuhay. Ibagsak mo sa kanila ang parusang iyong laan, pati
mga anak nila ay labis mong pahirapan at kanilang salinlahi sa galit mo ay
idamay!

15Dahil ako'y matuwid, ang mukha mo'y makikita; at sa aking paggising, sa
piling mo'y liligaya.

## Mga Awit 18

### Awit ng Tagumpay ni David

(2 Sam. 22:1-51)

*Upang awitin ng Punong Mang-aawit. Awit ni David na lingkod ni Yahweh: inawit niya ito nang siya'y iligtas ni Yahweh mula sa kanyang mga kaaway at kay Saul.*

1O Yahweh, ika'y aking minamahal, ikaw ang aking kalakasan!

2Si Yahweh ang aking batong tanggulan, ang aking Tagapagligtas, Diyos at
kanlungan, tagapag-ingat ko at aking sanggalang.

3Kay Yahweh ako'y tumatawag, sa aking mga kaaway ako'y inililigtas.
Karapat-dapat purihin si Yahweh!

4Ginapos ako ng tali ng kamatayan; tinabunan ako ng alon ng kapahamakan.

5Nakapaligid sa akin ang panganib ng kamatayan, nakaumang sa akin ang
bitag ng libingan.

6Kaya't si Yahweh ay aking tinawag; sa aking paghihirap, humingi ng habag.
Mula sa kanyang Templo, tinig ko ay narinig, pinakinggan niya ang aking
paghibik.

7Ang buong lupa ay nauga at nayanig, pundasyon ng mga bundok ay
nanginig, sapagkat ang Diyos ay galit na galit!

8Lumabas ang usok sa kanyang ilong, mula sa kanyang bibig ay mga baga
at apoy.

9Nahawi ang langit at siya'y bumabâ, makapal na ulap ang tuntungan niya.

10Sa isang kerubin siya ay sumakay; sa papawirin mabilis na naglakbay.

11Ang kadilima'y ginawa niyang takip, maitim na ulap na puno ng tubig.

12Gumuhit ang kidlat sa harapan niya, at mula sa ulap, bumuhos kaagad ang
maraming butil ng yelo at baga.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Nagpakulog si Yahweh mula sa langit, tinig ng Kataas-taasan, agad narinig.

14Dahil sa mga palaso na kanyang itinudla, ang mga kaaway ay nangalat sa lupa; nagsala-salabat ang guhit ng kidlat, lahat ay nagulo kaya't nagsitakas.

15Dahil sa galit mo, O Yahweh, sa ilong mo galing ang bugso ng hangin; kaya't ang pusod ng dagat ay nalantad, mga pundasyon ng lupa ay nahayag.

16Mula sa kalangitan, itong Panginoon, sa malalim na tubig, ako'y iniahon.

17Iniligtas ako sa kapangyarihan ng mga kaaway na di ko kayang labanan;

18Sinalakay nila ako noong ako'y naguguluhan, ngunit si Yahweh ang sa aki'y nagsanggalang.

19Nang nasa panganib, ako'y kanyang tinulungan, ako'y iniligtas sapagkat kanyang kinalulugdan!

20Pinagpapala ako ni Yahweh pagkat ako'y matuwid, binabasbasan niya ako dahil kamay ko'y malinis.

21Mga utos ni Yahweh ay aking sinunod, hindi ko tinalikuran ang aking Diyos.

22Lahat ng utos niya ay aking tinupad, mga batas niya ay hindi ko nilabag.

23Nalalaman niyang ako'y walang kasalanan, paggawa ng masama ay aking iniwasan.

24Kaya naman ako'y ginagantimpalaan niya, sapagkat alam niyang ako'y totoong walang sala.

25Tapat ka, O Diyos, sa mga tapat sa iyo, at napakabuti mo sa mabubuting tao.

26Ikaw ay mabait sa taong matuwid, ngunit sa masama, ikaw ay malupit.

27Ang mapagpakumbaba ay inililigtas mo, ngunit iyong ibinabagsak ang mga palalo.

28Ikaw, O Yahweh, ang nagbibigay sa akin ng ilaw; inaalis mo, O Diyos, ang aking kadiliman.

29Pinapalakas mo ako laban sa kaaway, upang tanggulan nito ay aking maagaw.

30Ang Diyos na ito ay sakdal ang gawa, at maaasahan ang kanyang salita! Siya ay kalasag ng mga umaasa, at ng naghahanap ng kanyang kalinga.

31Si Yahweh lamang ang Diyos na tunay; tanging Diyos lamang ang batong tanggulan.

32Ang Diyos na sa aki'y nagbibigay-lakas, sa daraanan ko'y siyang nag-iingat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

33Tulad ng usa, tiyak ang aking mga hakbang, inaalalayan niya ako sa mga kabundukan.

34Sinasanay niya ako sa pakikipagdigma, upang mabanat ko ang pinakamatigas na pana.

35Iniingatan mo ako at inililigtas; sa iyong pagkalinga, ako ngayo'y tanyag, sa iyong pagtulong, ako'y naging matatag.

36Inalalayan mo sa bawat paghakbang, ang mga paa ko'y ni hindi nadulas.

37Mga kaaway ko'y aking hinahabol, di ako tumitigil hanggang di sila nalilipol.

38Di sila makabangon kapag ako'y sumalakay; sa paanan ko'y bagsak sila at talunan.

39Pinapalakas mo ako para sa labanan, at pinagtatagumpay sa aking mga kaaway.

40Mga kaaway ko'y pinapaatras mo, mga napopoot sa akin ay pinupuksa ko.

41Humihingi sila ng saklolo ngunit walang tumutulong, tumatawag rin kay Yahweh ngunit hindi siya tumutugon.

42Dinurog ko sila, hanggang sa matulad sa pinong alikabok na ipinapadpad; aking itinapon, niyapak-yapakan kagaya ng putik sa mga lansangan.

43Sa mapanghimagsik na bayan ako'y iniligtas mo, sa maraming bansa'y ginawa mo akong pangulo. Ang aking nasasakupan ngayo'y marami na, kahit na nga sila ay hindi ko kilala.

44Sa bawat utos ko, sila'y sumusunod, maging mga dayuhan, sa aki'y yumuyukod.

45Nawawalan sila ng lakas ng loob, nanginginig papalabas sa kanilang muog.

46Buháy si Yahweh, Diyos ko't Tagapagligtas, matibay kong muog, purihin ng lahat! Ang kanyang kadakilaa'y ating ipahayag!

47Pinagtatagumpay niya ako sa mga kaaway, mga bansa'y ipinapailalim niya sa aking paanan;

48at inililigtas niya ako sa aking mga kalaban. Laban sa mararahas, ako'y pinagtatagumpay, sa aking kaaway, ika'y aking kalasag at patnubay.

49Sa lahat ng bansa ika'y aking pupurihin, ang karangalan mo'y aking aawitin, ang iyong pangalan, aking sasambahin.

50Dakilang tagumpay ibinibigay ng Diyos sa kanyang hari; tapat na pag-ibig ipinadarama niya sa kanyang pinili, kay David at sa lahat ng kanyang salinlahi.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Awit 19

**Ang Paglilikha at ang Kadakilaan ng Diyos**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1Ang kaluwalhatian ng Diyos ay ipinapahayag ng kalangitan! Ang ginawa ng kanyang kamay, ipinapakita ng kalawakan!

2Sa bawat araw at gabi, pahayag ay walang patlang, patuloy na nagbibigay ng dunong at kaalaman.

3Wala silang tinig o salitang ginagamit, wala rin silang tunog na ating naririnig;

4ngunit abot sa lahat ng dako ang kanilang tinig, balita ay umaabot hanggang sa dulo ng daigdig. Gumawa ang Diyos sa langit ng tahanan para sa araw,

5tuwing umaga'y lumalabas ito na parang masayang kasintahan, tulad ng masiglang manlalaro na handang-handa sa takbuhan.

6Sa silangan sumisikat, lumulubog sa kanluran, walang nakapagtatago sa init nitong taglay.

**Ang Batas ni Yahweh**

7Ang batas ni Yahweh, walang labis walang kulang, ito'y nagbibigay sa tao ng panibagong kalakasan. Ang mga tuntunin ni Yahweh'y mapagkakatiwalaan, nagbibigay ng talino sa payak na isipan.

8Ang mga utos ni Yahweh ay makatuwiran, ito'y nagpapasaya ng puso at kalooban. Ang mga tagubilin ni Yahweh ay tama, nagbibigay sa isipan ng hustong pang-unawa.

9Paggalang at pagsunod kay Yahweh ay dalisay, magpapatuloy ito magpakailanman; ang mga hatol ni Yahweh ay tunay na makatarungan, patas at walang kinikilingan.

10Mas kanaisnais pa ito kaysa gintong lantay, mas matamis pa kaysa pulot ng pukyutan.

11Ang mga utos mo, Yahweh, ay babala sa iyong lingkod, may malaking gantimpala kapag aking sinusunod.

12Walang taong pumupuna sa sarili niyang kamalian, iligtas mo ako, Yahweh, sa lihim na kasalanan.

13Ilayo mo ang iyong lingkod sa mapangahas na kasalanan, huwag mong itulot na maghari sa akin ang kasamaan. Sa gayo'y mamumuhay akong walang kapintasan, at walang bahid ng masama ang aking mga kamay.

14Nawa'y ang mga salita ko at kaisipan, kaluguran mo, Yahweh, manunubos ko at kanlungan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

## Mga Awit 20

**Panalangin Upang Magtagumpay**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1Pakinggan ka sana ni Yahweh kapag ika'y nagdurusa! At ang Diyos ni Jacob ingatan ka sana.

2Mula sa Templo, ikaw sana'y kanyang tulungan, at mula sa Zion, ikaw ay kanyang alalayan.

3Ang handog mo nawa ay kanyang tanggapin, at pahalagahan niya ang lahat ng iyong haing susunugin. (Selah)

4Nawa'y ipagkaloob niya ang iyong hangarin, at sa iyong mga plano, ika'y pagtagumpayin.

5Sa pagtatagumpay mo kami ay magbubunyi, magpupuri sa Diyos sa aming pagdiriwang. Ibigay nawa ni Yahweh ang lahat mong kahilingan.

6Ngayon ko nalalaman na si Yahweh ang nagbigay, sa pinili niyang hari, ng kanyang tagumpay! Siya'y tinutugon niya mula sa kalangitan, mga dakilang tagumpay kanyang makakamtan.

7Mayroong umaasa sa karwaheng pandigma, at mayroon ding sa kabayo nagtitiwala; ngunit sa kapangyarihan ni Yahweh na aming Diyos, nananalig kami at umaasang lubos.

8Sila'y manghihina at tuluyang babagsak, ngunit tayo'y tatayo at mananatiling matatag.

9O Yahweh, ang hari'y iyong pagtagumpayin; ang aming panawagan, ay iyong sagutin.

## Mga Awit 21

**Pagpupuri sa Pagtatagumpay**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1Natutuwa ang hari, Yahweh, dahil sa bigay mong lakas, dahil sa iyong tulong siya ay nagagalak.

2Iyong ibinigay ang kanyang inaasam, ipinagkaloob mo ang kanyang kahilingan. (Selah)

3Nilapitan mo siya't lubos na binasbasan, dalisay na gintong korona, sa ulo niya'y inilagay.

4Humiling siya ng buhay at iyong ibinigay, ng mahabang buhay, na magpakailanman.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Dahil sa tulong mo, dakila ang kanyang karangalan, dangal at kadakilaan sa kanya'y iyong ibinigay.

6Pagpapala mo'y nasa kanya magpakailanman, ang iyong patnubay, dulot sa kanya'y kagalakan.

7Sa Kataas-taasang Diyos ang hari ay nagtitiwala, dahil sa tapat na pag-ibig ni Yahweh, di siya nababahala.

8Dadakpin ng hari ang lahat niyang mga kaaway, bibihagin niya ang bawat isa na sa kanya'y nasusuklam.

9Sa kanyang pagdating, sa apoy sila'y susunugin, sa galit ni Yahweh, sa apoy sila'y tutupukin.

10Walang matitira sa kanilang lahi, sapagkat sila'y lilipulin ng hari.

11Sa masasamang balak nilang gawin laban sa kanya, walang anumang magtatagumpay sa mga plano nila.

12Sila'y kanyang papanain, sila'y uurong at patatakbuhin.

13Pinupuri ka namin, Yahweh, sa taglay mong kalakasan! Aawit kami at magpupuri dahil sa iyong kapangyarihan.

## Mga Awit 22

**Panambitan at Awit ng Papuri**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit: ayon sa tono ng “Isang Usa sa Bukang-Liwayway”.*

1O Diyos ko! Diyos ko! Bakit mo ako pinabayaan? Sumisigaw ako ng saklolo, ngunit bakit di mo ako tinutulungan?

2Araw-gabi'y tumatawag ako sa iyo, O Diyos, di ako mapanatag, di ka man lang sumasagot.

3Ngunit ikaw ang Banal na pinaparangalan, at sa Israel ikaw ay pinapupurihan.

4Ang mga ninuno nami'y nagtiwala sa iyo, sa iyo umasa kaya sila'y iniligtas mo.

5Tumawag sila sa iyo at sa panganib ay nakawala, nagtiwala sila sa iyo at di naman sila napahiya.

6Ngunit ako'y parang uod at hindi na isang tao, hinahamak at pinagtatawanan ng kahit na sino!

7Pinagtatawanan ako ng bawat makakita sa akin, inilalabas ang kanilang dila at sila'y pailing-iling.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8 Sabi nila, “Nagtiwala siya kay Yahweh; hayaang iligtas siya nito. Kung
talagang mahal siya nito, darating ang kanyang saklolo!”

9 Noong ako ay iluwal, ikaw, O Diyos, ang patnubay, magmula sa pagkabata,
ako'y iyong iningatan.

10 Mula nang ako'y isilang, sa iyo na umaasa, mula nang ipanganak, ikaw lang
ang Diyos na kilala.

11 Huwag mo akong lilisanin, huwag mo akong iiwanan, pagkat walang
sasaklolo sa papalapit na kapahamakan.

12 Akala mo'y mga toro, ang nakapaligid na kalaban, mababangis na hayop
na galing pa sa Bashan.

13 Bibig nila'y nakabuka, parang mga leong gutom, umuungal at sa aki'y
nakahandang lumamon.

14 Parang natapong tubig, nawalan ako ng lakas, ang mga buto ko'y parang
nagkalinsad-linsad; pinagharian ang dibdib ko ng matinding takot, parang
kandila ang puso ko, natutunaw, nauubos!

15 Itong aking lalamuna'y tuyong abo ang kagaya, ang dila ko'y dumidikit sa
aking ngalangala, sa alabok, iniwan mo ako na halos patay na.

16 Isang pangkat ng salarin, sa aki'y nakapaligid, para akong nasa gitna ng
mga asong ganid; mga kamay at paa ko'y kanilang pinupunit.

17 Kitang-kita ang lahat ng aking mga buto, tinitingnan at nilalait ng mga
kaaway ko.

18 Mga damit ko'y kanilang pinagsugalan, at mga saplot ko'y pinaghati-hatian.

19 O Yahweh, huwag mo sana akong layuan! Ako ay tulungan at agad na
saklolohan!

20 Iligtas mo ako sa talim ng tabak, at sa mga asong sa aki'y gustong kumagat.

21 Sa bibig ng mga leon ako'y iyong hanguin, sa sungay ng mga toro ako ay
iyong sagipin. O Yahweh, panalangin ko sana'y dinggin.

22 Mga ginawa mo'y ihahayag ko sa aking mga kababayan, sa gitna ng
kapulungan ika'y papupurihan.

23 Kayong lingkod ni Yahweh, siya'y inyong purihin! Kayong lahi ni Jacob,
siya'y inyong dakilain, bayan ng Israel, luwalhatiin siya't sambahin!

24 Mga dukha'y di niya pinababayaan at hinahamak, hindi siya umiiwas sa
humihingi ng paglingap; sinasagot niya agad ang mga kapus-palad.

25 Ginawa mo'y pupurihin sa dakilang kapulungan, sa harap ng masunurin,
mga lingkod mong hinirang, ang panata kong handog ay doon ko iaalay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Ang naghihikahos ay sasagana sa pagkain, mga lumalapit kay Yahweh, siya'y pupurihin. Maging sagana nawa sila at laging pagpalain!

27Mga bansa sa lupa'y kay Yahweh magsisibaling, lahat ng mga lahi'y maaalala siya't sasambahin.

28Kay Yahweh nauukol ang pamamahala, naghahari siya sa lahat ng mga bansa.

29Magsisiluhod lahat ang palalo't mayayabang, yuyuko sa harap niya, mga taong hahatulan.

30Mga susunod na salinlahi'y maglilingkod sa kanya, ang tungkol sa Panginoon ay ipahahayag nila.

31Maging ang mga di pa isinisilang ay babalitaan, “Iniligtas ni Yahweh ang kanyang bayan.”

## Mga Awit 23

### Si Yahweh ang Ating Pastol

*Awit ni David.*

1Si Yahweh ang aking pastol, hindi ako magkukulang;

2pinapahimlay niya ako sa luntiang pastulan, at inaakay niya sa tahimik na batisan.

3Pinapanumbalik ang aking kalakasan, at pinapatnubayan niya sa tamang daan, upang aking parangalan ang kanyang pangalan.

4Dumaan man ako sa madilim na libis ng kamatayan, wala akong katatakutan, pagkat ika'y aking kaagapay. Ang tungkod mo at pamalo, aking gabay at sanggalang.

5Ipinaghahanda mo ako ng salu-salo, na nakikita pa nitong mga kalaban ko; sa aking ulo langis ay ibinubuhos, sa aking saro, pagpapala'y lubus-lubos.

6Kabutiha't pag-ibig mo sa aki'y di magkukulang, siyang makakasama ko habang ako'y nabubuhay; at magpakailanma'y sa bahay ni Yahweh mananahan.

## Mga Awit 24

### Ang Dakilang Hari

*Awit ni David.*

1Ang buong daigdig at ang lahat ng naroon, ang may-ari'y si Yahweh na ating Panginoon.

2Itinayo niya ang daigdig sa ibabaw ng karagatan, inilagay ang pundasyon sa mga tubig sa kalaliman.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Sa burol ni Yahweh, sinong nararapat umahon? Sa banal niyang Templo, sinong dapat pumaroon?

4Ang taong malinis ang buhay pati ang isipan, hindi sumasamba sa mga diyus-diyosan; at hindi sumusumpa ng kasinungalingan.

5Bibigyan siya ni Yahweh ng pagpapala't kaligtasan, ipahahayag siya ng Diyos na walang kasalanan.

6Ganoon ang mga taong lumalapit sa Diyos, silang dumudulog sa Diyos ni Jacob. (Selah)

7Buksan n'yong mabuti ang mga tarangkahan, buksan ninyo pati mga lumang pintuan, at ang dakilang hari'y papasok at daraan.

8Sino ba itong dakilang hari? Siya si Yahweh na malakas at makapangyarihan, si Yahweh, matagumpay sa labanan.

9Buksan n'yong mabuti ang mga tarangkahan, buksan ninyo pati mga lumang pintuan, at ang dakilang hari'y papasok at daraan.

10Sino ba itong dakilang hari? Ang makapangyarihang si Yahweh, siya ang dakilang hari! (Selah)

## Mga Awit 25

**Panalangin Upang Patnubayan at Ingatan**

*Katha ni David.*

1Sa iyo, Yahweh, dalangin ko'y ipinapaabot;

2sa iyo, O Diyos, ako'y tiwalang lubos. Huwag hayaang malagay ako sa kahihiyan, at pagtawanan ako ng aking mga kaaway!

3Mga may tiwala sa iyo'y huwag malagay sa kahihiyan, at ang mga taksil sa iyo'y magdanas ng kasawian.

4Ituro mo sa akin, Yahweh, ang iyong kalooban, at ang iyong landas, sa akin ay ipaalam.

5Turuan mo akong mamuhay ayon sa katotohanan, sapagkat ikaw ang Diyos ng aking kaligtasan; sa buong maghapo'y ikaw ang inaasahan.

6Alalahanin mo, Yahweh, ang pag-ibig mong wagas, na ipinakita mo na noong panahong lumipas.

7Patawarin mo ako sa aking mga kasalanan, sa mga kamalian ko noong aking kabataan; ayon sa pag-ibig mong walang katapusan, ako sana, Yahweh, ay huwag kalimutan!

8Si Yahweh ay mabuti at siya'y makatarungan, itinuturo niya sa makasalanan ang tamang daan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Sa mapagpakumbaba siya ang gumagabay, sa kanyang kalooban kanyang inaakay.

10Tapat ang pag-ibig, siya ang patnubay, sa lahat ng mga taong sumusunod, sa utos at tipan siya'ng sumusubaybay.

11Ang iyong pangako, Yahweh, sana'y tuparin, ang marami kong sala'y iyong patawarin.

12Ang taong kay Yahweh ay gumagalang, matututo ng landas na dapat niyang lakaran.

13Ang buhay nila'y palaging sasagana, mga anak nila'y magmamana sa lupa.

14Sa mga masunurin, si Yahweh'y isang kaibigan, ipinapaunawa niya sa kanila, kanyang kasunduan.

15Si Yahweh lang ang laging inaasahan, na magliligtas sa akin sa kapahamakan.

16Lingapin mo ako, at ako'y kahabagan, pagkat nangungulila at nanlulupaypay.

17Pagaanin mo ang aking mga pasanin, mga gulo sa buhay ko'y iyong payapain.

18Alalahanin mo ang hirap ko at suliranin, at lahat ng sala ko ay iyong patawarin.

19Tingnan mo't napakarami ng aking kaaway, at labis nila akong kinamumuhian!

20Ipagtanggol mo ako't iligtas ang aking buhay, huwag tulutang ako'y malagay sa kahihiyan, pagkat kaligtasan ko'y sa iyo nakasalalay.

21Iligtas nawa ako ng kabutihan ko't katapatan, sapagkat ikaw ang aking pinagtitiwalaan.

22Hanguin mo, O Diyos, ang bayang Israel, sa kanilang kaguluhan at mga suliranin!

## Mga Awit 26

**Panalangin ng Isang Mabuting Tao**

*Katha ni David.*

1Ipahayag mo ako, Yahweh, na walang sala, pagkat ako'y matuwid at sa iyo'y lubos na umaasa.

2Yahweh, ako'y siyasatin mo at subukin, hatulan mo ang iniisip at ang aking hangarin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

3Pag-ibig mong wagas ang aking patnubay, ang iyong katapatan ang lagi
kong kaagapay.

4Di ako nakikisama sa walang kuwentang tao, hindi ako nakikiisa sa mga
hipokrito.

5Ang nakikisama sa kanila ay aking kinamumuhian, at ang makihalo sa
kanila'y aking iniiwasan.

6Kamay ko'y malinis pagkat ako'y walang kasalanan, ako'y lumalakad,
Yahweh, sa paligid ng iyong altar.

7Awit ng pasasalamat ay aking inaawit, gawa mong kahanga-hanga, ay aking
sinasambit.

8Mahal ko, Yahweh, ang Templo mong tahanan, sapagkat naroroon ang
iyong kaluwalhatian.

9Sa parusa ng masasama, huwag mo akong idamay, ilayo rin sa parusa ng
mahihilig sa pagpatay—

10mga taong walang magawâ kundi kasamaan, at palaging naghihintay na
sila ay suhulan.

11Ngunit para sa akin, gagawin ko ang tama, kaya iligtas mo ako at sa akin
ay maawa.

12Ako ay ligtas sa lahat ng kapahamakan; pupurihin ko si Yahweh sa gitna
ng kapulungan!

## Mga Awit 27

**Panalangin ng Pagpupuri**

*Katha ni David.*

1Si Yahweh ang ilaw ko at kaligtasan; sino pa ba ang aking katatakutan? Si
Yahweh ang muog ng aking buhay, sino pa ba ang aking kasisindakan?

2Kung buhay ko'y pagtangkaan ng taong masasama, sila'y mga kalaban ko
at mga kaaway nga, mabubuwal lamang sila at mapapariwara.

3Kahit isang hukbo ang sa aki'y pumalibot, hindi pa rin ako sa kanila
matatakot; salakayin man ako ng mga kaaway, magtitiwala pa rin ako sa
Maykapal.

4Kay Yahweh ay isang bagay lang ang aking hiniling, iisa lamang talaga ang
aking hangarin: ang tumira sa Templo niya habang buhay, upang
kagandahan ni Yahweh'y aking mapagmasdan, at doo'y humingi sa kanya ng
patnubay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[5]Itatago niya ako kapag may kaguluhan, sa loob ng kanyang Templo ako'y iingatan; sa ibabaw ng batong malaki ako'y ilalagay.

[6]Matatalo ko ang mga nakapaligid kong kaaway. Sa Templo'y sisigaw nang may kagalakan, habang mga handog ko'y iniaalay; aawitan ko si Yahweh at papupurihan.

[7]Pakinggan mo ako, Yahweh, sa aking panawagan, sagutin mo ako at iyong kahabagan.

[8]Nang sabihin mo, Yahweh, “Lumapit ka sa akin,” sagot ko'y, “Nariyan na ako at kita'y sasambahin.”

[9]Huwag ka sanang magagalit sa akin; ang iyong lingkod, huwag mo sanang palayasin. Tinulungan mo ako, Diyos ng aking kaligtasan, huwag mo po akong iwan, at huwag pabayaan!

[10]Itakwil man ako ng aking ama at ina, si Yahweh ang sa akin ay mag-aaruga.

[11]Ituro mo sa akin, Yahweh, ang iyong kagustuhan, sa ligtas na landas ako'y iyong samahan, pagkat naglipana ang aking mga kaaway.

[12]Sa mga kaaway ay huwag akong ipaubaya, na kung lumulusob ay mga pagbabanta at kasinungalingan ang dalang sandata.

[13]Naniniwala akong bago ako mamatay, kabutihan ni Yahweh'y aking masasaksihan.

[14]Kay Yahweh tayo'y magtiwala! Manalig sa kanya at huwag manghinawa. Kay Yahweh tayo magtiwala!

## Mga Awit 28

### Panalangin Upang Tulungan ng Diyos

*Katha ni David.*

[1]Tagapagtanggol kong Yahweh, ako'y nananawagan, sana'y iyong pakinggan itong aking karaingan. Kung katugunan ay hindi mo ibibigay, para na rin akong nasa daigdig ng mga patay.

[2]Pakinggan mo sana ang paghingi ko ng saklolo, kapag itinataas ang kamay ko sa iyong banal na Templo.

[3]Huwag mo akong ibilang sa mga masasama, na pawang kalikuan ang mga ginagawa; kung magsalita'y parang mga kaibigan, ngunit sa puso'y may pagkamuhing taglay.

[4]Parusahan mo sila sa kanilang ginagawa, pagkat mga gawa nila'y pawang masasama. Parusa sa kanila'y iyong igawad, ibigay sa kanila ang hatol na dapat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Mga gawa ni Yahweh ay di nila pinapansin, mabubuti niyang gawa'y ayaw intindihin; kaya't sila'y kanyang pupuksain, at hindi na muling pababangunin.

6Si Yahweh ay dapat purihin! Dininig niya ang aking mga daing.

7Si Yahweh ang lakas ko at kalasag, tiwala ko'y sa kanya nakalagak. Tinutulungan niya ako at pinasasaya, sa awiti'y pinasasalamatan ko siya.

8Iniingatan ni Yahweh ang kanyang sambayanan; siya ang kanlungan ng kanyang haring hinirang.

9Iligtas mo, Yahweh, ang iyong bayan, ang mga sa iyo, ay iyong basbasan. Alagaan mo sila magpakailanman, tulad ng pastol sa kanyang kawan.

## Mga Awit 29

### Ang Tinig ni Yahweh sa Gitna ng Unos

*Awit ni David.*

1Purihin ninyo si Yahweh, mga nilikha sa kalangitan, kilalanin ang kanyang lakas at kanyang kaluwalhatian.

2Purihin ang kanyang maluwalhating pangalan, sambahin si Yahweh sa banal na kaayusan.

3Tinig ni Yahweh'y naririnig sa ibabaw ng dagat, ang dakilang Diyos ay nagpapakidlat, umaalingawngaw at naririnig ng lahat.

4Tinig ni Yahweh'y makapangyarihan, at punung-puno ng kadakilaan.

5Maging mga punong sedar ng Lebanon, sa tinig ni Yahweh, mawawasak ang mga iyon.

6Parang guyang pinalulundag niya ang mga bundok ng Lebanon, parang torong pinalulukso niya ang Bundok Hermon.

7Dahil sa tinig ni Yahweh, kidlat ay gumuguhit.

8Kapag siya'y nagsalita, disyerto'y nayayanig; inuuga niya pati ang ilang ng Kades.

9Sa tinig ni Yahweh, mga usa'y napapaanak, at nakakalbo pati ang mga gubat, lahat ng nasa Templo'y sumisigaw, “Ang Diyos ay papurihan!”

10Si Yahweh'y naghahari sa mga kalaliman, nakaupo sa trono, bilang hari kailanman.

11Si Yahweh ang nagbibigay-lakas sa kanyang bayan, at pinagpapala sila ng mapayapang buhay.

## Mga Awit 30

### Panalangin ng Pagpapasalamat

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

*Katha ni David; isang Awit para sa pagtatalaga ng Templo.*

1Pinupuri kita, Yahweh, pagkat ako'y iyong iniligtas, mga kaaway ko'y di mo hinayaang magmataas.

2Sa iyo, Yahweh, aking Diyos, ako'y dumaing, at ako nama'y iyong pinagaling.

3Hinango mo ako mula sa libingan, at mula sa hukay, ako'y muli mong binuhay.

4Purihin si Yahweh, siya'y inyong awitan, ninyong bayang hinirang, siya ay pasalamatan, pasalamatan ninyo ang banal niyang pangalan!

5Ang kanyang galit, ito'y panandalian, ngunit panghabang-buhay ang kanyang kabutihan. Sa buong magdamag, luha ma'y pumatak, pagsapit ng umaga, kapalit ay galak.

6Sinabi ko sa sarili pagkat ako'y panatag, “Kailanma'y hindi ako matitinag.”

7Kay buti mo, Yahweh, ako'y iyong iningatan, tulad sa isang muog sa kabundukan. Ngunit natakot ako, nang ako'y iyong iwan.

8Sa iyo, Yahweh, ako'y nanawagan, nagsumamo na ako ay tulungan:

9“Anong halaga pa kung ako'y mamamatay? Anong pakinabang kung malibing sa hukay? Makakapagpuri ba ang mga walang buhay? Maipapahayag ba nila ang iyong katapatan?

10Pakinggan mo ako, Yahweh, at kahabagan, O Yahweh, ako po sana'y tulungan!”

11Pinawi mo itong aking kalungkutan, pinalitan mo ng sayaw ng kagalakan! Pagluluksa ko ay iyong inalis, kaligayahan ang iyong ipinalit.

12Aawit sa iyo ng papuri at hindi ako tatahimik, O Yahweh, aking Diyos, pasasalamat ko'y walang patid.

## Mga Awit 31

**Panalangin ng Pagtitiwala sa Diyos**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1Lumalapit ako sa iyo, Yahweh, upang ingatan; huwag mo sana akong ilagay sa kahihiyan. Ikaw ay isang Diyos na makatuwiran, iligtas mo ako, ito'ng aking kahilingan.

2Ako'y iyong dinggin, iligtas ngayon din! Sana'y ikaw ang aking maging batong kublihan; matibay na kuta para sa aking kaligtasan.

3Ikaw ang aking kanlungan at sanggalang; ayon sa pangako mo, akayin ako't patnubayan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Iligtas mo ako sa nakaumang na patibong; laban sa panganib, sa iyo manganganlong.

5Sa iyong kamay, ipinagkakatiwala ko ang aking buhay. At sa aki'y ibibigay ang iyong kaligtasan; ikaw ay Diyos na mapagkakatiwalaan.

6Ikaw ay namumuhi sa mga sumasamba sa mga diyus-diyosang walang halaga, ngunit sa iyo, Yahweh, ako umaasa.

7Matutuwa ako at magagalak, dahil sa pag-ibig mong wagas. Paghihirap ko'y iyong nakikita, alam mo ang aking pagdurusa.

8Di mo ako hinayaan sa kamay ng kaaway; binigyan pa ng laya sa aking paglalakbay.

9O Yahweh, sana'y iyong kahabagan, sapagkat ako ay nasa kaguluhan; namamaga na ang mata dahil sa pagluha, buong pagkatao ko'y mahinang mahina!

10Pinagod ako ng aking kalungkutan, dahil sa pagluha'y umikli ang aking buhay. Pinanghina ako ng mga suliranin, pati mga buto ko'y naaagnas na rin.

11Nilalait ako ng aking mga kaaway, hinahamak ako ng mga kapitbahay; mga dating kakilala ako'y iniiwasan, kapag ako'y nakasalubong ay nagtatakbuhan.

12Para akong patay na kanilang nakalimutan, parang sirang gamit na hindi na kailangan.

13Maraming mga banta akong naririnig, mula sa mga kaaway sa aking paligid; may masama silang binabalak sa akin, plano nilang ako ay patayin.

14Subalit sa iyo, Yahweh, ako'y nagtitiwala, ikaw ang aking Diyos na dakila!

15Ikaw ang may hawak nitong aking buhay, iligtas mo ako sa taga-usig ko't mga kaaway.

16Itong iyong lingkod, sana ay lingapin, sa wagas mong pag-ibig ako ay sagipin.

17Sa iyo, Yahweh, ako'y nananawagan, huwag hayaang malagay ako sa kahihiyan. Ang masasamang tao ang dapat na mapahiya, sa daigdig ng mga patay, tahimik silang bababâ.

18Patahimikin mo ang mga sinungaling, ang mga palalong ang laging layunin, ang mga matuwid ay kanilang hamakin.

19Kay sagana ng mabubuting bagay, na laan sa mga sa iyo'y gumagalang. Nalalaman ng lahat ang iyong kabutihang-loob, matatag ang pag-iingat sa nagtitiwala sa iyong lubos.

20Iniingatan mo sila at kinakalinga, laban sa balak ng taong masasama; inilalagay mo sila sa ligtas na kublihan, upang hindi laitin ng mga kaaway.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Purihin si Yahweh! Kahanga-hanga ang ipinakita niyang pag-ibig sa akin,
nang ako'y nagigipit at parang lunsod na sasalakayin!

22Ako ay natakot, labis na nangamba, sa pag-aakalang ako'y itinakwil na.
Ngunit dininig mo ang aking dalangin, nang ang iyong tulong ay aking hingin.

23Mahalin ninyo si Yahweh, kayong kanyang bayan. Mga tapat sa kanya, ay
kanyang iniingatan, ngunit ang palalo'y pinaparusahan ng angkop sa
kanilang kasalanan.

24Magpakatatag kayo at lakasan ang loob, kayong kay Yahweh'y
nagtitiwalang lubos.

## Mga Awit 32

**Paghahayag ng Kasalanan at Kapatawaran**

*Katha ni David; isang Maskil.*

1Mapalad ang taong pinatawad na ang kasalanan, at pinatawad rin sa
kanyang mga pagsalangsang.

2Mapalad ang taong hindi pinaparatangan, sa harap ni Yahweh'y hindi siya
nanlinlang.

3Nang hindi ko pa naihahayag ang aking mga sala, ako'y nanghina sa
maghapong pagluha.

4Sa araw at gabi, ako'y iyong pinarusahan, wala nang natirang lakas sa
katawan, parang hamog na natuyo sa init ng tag-araw. (Selah)

5Kaya't ang kasalanan ko'y aking inamin; mga pagkakamali ko'y hindi na
inilihim. Ako'y nagpasyang sa iyo'y ipagtapat, at mga sala ko'y pinatawad
mong lahat. (Selah)

6Kaya ang tapat sa iyo ay dapat manalangin, sa oras ng kagipitan, ikaw ang
tawagin, at sa bugso ng baha'y di sila aabutin.

7Ikaw ang aking lugar na kublihan; inili021ligtas mo ako sa kapahamakan.
Aawitin ko nang malakas, pag-iingat mo't pagliligtas. (Selah)

8Ang sabi ni Yahweh, “Aakayin kita sa daan, tuturuan kita at laging
papayuhan.

9Huwag kang tumulad sa kabayo, o sa mola na walang pang-unawa, na
upang sumunod lang ay hahatakin pa ang renda.”

10Labis na magdurusa ang taong masama, ngunit ang tapat na pag-ibig ni
Yahweh ang mag-iingat sa sinumang nagtitiwala sa kanya.

11Lahat ng tapat kay Yahweh, magalak na lubos, dahil sa taglay nilang
kabutihan ng Diyos; sumigaw sa galak ang lahat ng sa kanya'y sumusunod!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

## Mga Awit 33

**Awit ng Pagpupuri**

1Lahat ng matuwid dapat na magsaya, dahil sa ginawa ng Diyos sa kanila; kayong masunuri'y magpuri sa kanya!

2Ang Diyos na si Yahweh ay pasalamatan, tugtugin ang alpa't awit ay saliwan;

3Isang bagong awit, awiting malakas, kasaliw ang tugtog ng alpang marilag!

4Si Yahweh ay tapat sa kanyang salita, at maaasahan ang kanyang ginawa.

5Ang nais niya ay kat'wira't katarungan, ang pag-ibig niya sa mundo'y laganap.

6Sa utos ni Yahweh, nalikha ang langit, ang araw, ang buwa't talang maririkit;

7sa iisang dako, tubig ay tinipon, at sa kalaliman ay doon kinulong.

8Matakot kay Yahweh ang lahat sa lupa! Dapat katakutan ng buong nilikha!

9Ang buong daigdig, kanyang nilikha, sa kanyang salita, lumitaw na kusa.

10Ang binabalangkas niyong mga bansa, kanyang nababago't winawalang-bisa.

11Ngunit ang mga panukala ni Yahweh, hindi masisira, ito'y mananatili.

12Mapalad ang bansang si Yahweh ang Diyos; mapalad ang bayang kanyang ibinukod.

13Magmula sa langit, kanyang minamasdan ang lahat ng tao na kanyang nilalang.

14Nagmamasid siya at namamahala sa lahat ng tao sa balat ng lupa.

15Ang isip nila'y sa kanya nagmula walang nalilingid sa kanilang gawa.

16Di dahil sa hukbo, hari'y nagtagumpay, ni dahil sa lakas, nagwagi ang kawal;

17kabayong pandigma'y di na kailangan, upang sa digmaa'y kamtin ang tagumpay; di makakapagligtas, lakas nilang taglay.

18Ang nagmamahal kay Yahweh, at nagtitiwala sa kanyang pag-ibig, ay kinakalinga.

19Hindi hahayaang sila ay mamatay, kahit magtaggutom sila'y binubuhay.

20Tanging si Yahweh lang ang ating pag-asa; tulong na malaki at sanggalang siya.

21Dahil nga sa kanya, kami'y natutuwa; sa kanyang pangalan ay nagtitiwala.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22 Ipagkaloob mo na aming makamit, O Yahweh, ang iyong wagas na pag-ibig, yamang ang pag-asa'y sa iyo nasasalig!

## Mga Awit 34

**Pagpuri Dahil sa Kabutihan ng Diyos**

*Katha ni David nang siya'y palayasin ni Abimelec matapos magkunwang nasisiraan siya ng bait.*

1 Sa lahat ng pagkakataon si Yahweh ay aking pupurihin; pagpupuri ko sa kanya'y hindi ko papatigilin.

2 Aking pupurihin kanyang mga gawa, kayong naaapi, makinig, matuwa!

3 Ang kadakilaan niya ay ihayag, at ang ngalan niya'y purihin ng lahat!

4 Ang aking dalangi'y dininig ng Diyos, inalis niya sa akin ang lahat kong takot.

5 Nagalak ang aping umasa sa kanya, pagkat di nabigo ang pag-asa nila.

6 Tumatawag sa Diyos ang walang pag-asa, sila'y iniligtas sa hirap at dusa.

7 Anghel ang siyang bantay sa may takot sa Diyos, sa mga panganib, sila'y kinukupkop.

8 Tingnan mo at lasapin ang kabutihan ni Yahweh; mapalad ang mga taong nananalig sa kanya.

9 Matakot kay Yahweh, kayo na kanyang bayan, nang makamtan ninyo ang lahat ng bagay.

10 Kahit mga leon ay nagugutom din, sila'y nagkukulang sa hustong pagkain; ngunit ang sinumang kay Yahweh ay sumunod, mabubuting bagay, sa kanya'y di mauudlot.

11 Lapit, ako'y dinggin mga kaibigan, at kayo ngayo'y aking tuturuan na si Yahweh ay dapat sundi't igalang.

12 Sinong may gusto ng mahabang buhay; sinong may nais ng masaganang buhay?

13 Dila mo'y pigilan sa paghabi ng kasamaan.

14 Mabuti ang gawi't masama'y layuan pagsikapang kamtin ang kapayapaan.

15 Mga mata ni Yahweh, sa mat'wid nakatuon, sa kanilang pagdaing, lagi siyang tumutugon.

16 Sa mga masasama, siya'y tumatalikod, at sa alaala, sila'y mawawala.

17 Agad dinirinig daing ng matuwid; inililigtas sila sa mga panganib.

18 Tinutulungan niya, mga nagdurusa at di binibigo ang walang pag-asa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Ang taong matuwid, may suliranin man, sa tulong ni Yahweh, agad maiibsan.

20Kukupkupin siya nang lubus-lubusan, kahit isang buto'y hindi mababali.

21Ngunit ang masama, ay kasamaan din sa taglay na buhay ang siyang kikitil.

22Mga lingkod niya'y kanyang ililigtas, sa nagpapasakop, siya ang mag-iingat!

## Mga Awit 35

### Panalangin Upang Tulungan ng Diyos

*Katha ni David.*

1Ang mga salungat at laban sa akin, O Yahweh, sila ay iyo ngang digmain!

2Ang iyong kalasag at sandatang laan, kunin mo at ako po ay iyong tulungan.

3Dalhin mo ang iyong palakol at sibat, at sila'y tugisin hanggang sa mautas. Sabihin mong ikaw ang Tagapagligtas ng abang lingkod mo, O Diyos na marilag!

4Silang nagnanasang ako ay patayin ay iyong igupo at iyong hiyain; at ang nagtatangkang lumaban sa akin, hadlangan mo sila at iyong lituhin.

5Gawing parang ipa na tangay ng hangin, habang tinutugis ng sinugong anghel.

6Hayaang magdilim, dumulas ang landas, ang anghel ni Yahweh, sa kanila'y wawasak.

7Ni walang dahilan, ang hangad sa akin ako ay ihulog sa balong malalim, na ginawa nila upang ako'y dakpin.

8Hindi nila alam sila'y mawawasak, sila'y mahuhulog sa sariling bitag; sa hinukay nilang balon, sila'y lalagpak.

9Dahilan kay Yahweh, ako'y magagalak; sa habag sa akin ako'y iniligtas.

10Buhat sa puso ko'y aking ihahayag, “Tunay ikaw, Yahweh, ay walang katulad! Iniingatan mo laban sa malakas, ang mga mahihina't taong mahihirap, at sa nang-aapi, sila'y ililigtas.”

11Ang mga masama'y nagpapatotoo, at nagpaparatang ng hindi totoo, sa pagkakasalang walang malay ako.

12Sa gawang mabuti, ganti ay masama; nag-aabang sa akin at nagbabanta.

13Kapag sila'y may sakit, ang ginagawa ko, nagdaramit-luksa at nag-aayuno; at nananalangin na yuko ang ulo.

14Para bang ang aking idinadalangin ay isang kapatid na mahal sa akin; Lumalakad ako na ang pakiramdam, wari'y inulila ng ina kong mahal.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Nagagalak sila kapag ako'y may dusa; sa aking paligid nagtatawanan pa. Binubugbog ako ng di kakilala, halos walang tigil na pagpaparusa.

16Natutuwa silang ako'y maghinagpis; sa galit sa akin, ngipi'y nagngangalit.

17Hanggang kailan pa kaya, O Yahweh, maghihintay ako sa mahal mong tulong? Iligtas mo ako sa ganid na leon; sa paglusob nila't mga pagdaluhong.

18At sa gitna niyong mga kapulungan, ikaw, O Yahweh, pasasalamatan; pupurihin kita sa harap ng bayan.

19Huwag mong tutulutang ang mga kaaway, magtawanan sa aking mga kabiguan; gayon din ang may poot nang walang dahilan, magalak sa aking mga kalumbayan.

20Sila, kung magwika'y totoong mabagsik, kasinungalingan ang bigkas ng bibig, at ang ginigipit, taong matahimik.

21Ang paratang nila na isinisigaw: “Ang iyong ginawa ay aming namasdan!”

22Ngunit ikaw, Yahweh, ang nakababatid, kaya, Panginoon, huwag kang manahimik; ako'y huwag mong iiwan sa paghihinagpis!

23Ikaw ay gumising, ako'y ipagtanggol, iyong ipaglaban ako, Panginoon.

24O Yahweh, aking Diyos, sadyang matuwid ka, kaya ihayag mong ako'y walang sala; huwag mong ipahintulot sa mga kaaway, na sila'y magtawa kung ako'y mamasdan.

25Huwag mong pabayaang mag-usap-usapan, at sabihing: “Aba! Gusto nami'y ganyan!” Huwag mong itutulot na sabihin nilang: “Siya ay nagapi namin sa labanan!”

26Silang nagagalak sa paghihirap ko, lubos mong gapii't bayaang malito; silang nagpapanggap namang mas mabuti, hiyain mo sila't siraan ng puri.

27Ang nangagsasaya, sa aking paglaya bayaang palaging sumigaw sa tuwa; “Dakila si Yahweh, tunay na dakila; sa aking tagumpay, siya'y natutuwa.”

28Aking ihahayag ang iyong katuwiran, sa buong maghapon ay papupurihan!

## Mga Awit 36

### Ang Kasamaan ng Tao

*Katha ni David, na lingkod ni Yahweh, upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1Kasalana'y nangungusap sa puso ng masasama, sa kaibuturan ng puso doon ito nagwiwika; tumatanggi sa Diyos at ni takot ito'y wala.

2Ang palagay sa sarili, siya'y isang dakila na; ang akala'y hindi batid ni Yahweh ang kanyang sala, kaya't kanyang iniisip, hindi siya magdurusa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Kung mangusap ay masama at ubod nang sinungaling; dahop na ang karunungan sa paggawa ng magaling.

4Masama ang binabalak samantalang nahihimlay, masama rin ang ugali, at isa pang kasamaa'y ang laging inaakap ay gawaing mahahalay.

**Ang Kabutihan ng Diyos**

5Ang wagas na pag-ibig mo, O Yahweh, ay walang hanggan, at ang iyong katapatan ay abot sa kalangitan.

6Matuwid at matatag ka na tulad ng kabundukan; ang matuwid na hatol mo'y sinlalim ng karagatan; ang lahat ng mga tao't mga hayop na nilalang, sa tuwina'y kinukupkop ng mapagpala mong kamay.

7O Diyos, ang iyong pag-ibig mahalaga at matatag, ang kalinga'y nadarama sa lilim ng iyong pakpak.

8Sa pagkain ay sagana sa sarili mong tahanan; doon sila umiinom sa batis ng kabutihan.

9Sa iyo rin nagmumula silang lahat na may buhay, ang liwanag na taglay mo ang sa amin ay umaakay.

10Patuloy mong kalingain ang sa iyo'y umiibig, patuloy mong pagpalain ang may buhay na matuwid.

11Ang palalo'y huwag tulutan na ako ay salakayin, o ang mga masasamang gusto akong palayasin.

12Lahat silang masasama'y masdan ninyo at nagupo! Sa kanilang binagsakan, hindi sila makatayo.

## Mga Awit 37

**Ang Kahihinatnan ng Masama at ng Mabuti**

*Katha ni David.*

1Huwag kang mabalisa dahil sa masama; huwag mong kainggitan liko nilang gawa.

2Katulad ng damo, sila'y malalanta, tulad ng halaman, matutuyo sila.

3Umasa ka sa Diyos, ang mabuti'y gawin, at mananahan kang ligtas sa lupain.

4Kay Yahweh mo hanapin ang kaligayahan, at ang pangarap mo'y iyong makakamtan.

5Ang iyong sarili'y sa kanya italaga, tutulungang ganap kapag ika'y nagtiwala.

6Ang kabutihan mo ay magliliwanag, katulad ng araw kung tanghaling-tapat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Sa harap ni Yahweh ay pumanatag ka, maging matiyagang maghintay sa kanya; huwag mong kainggitan ang gumiginhawa, sa likong paraan, umunlad man sila.

8Huwag kang mapopoot ni mababalisa, iyang pagkagalit, iwasan mo sana; walang kabutihang makakamtan ka.

9Ang nagtitiwala kay Yahweh, mabubuhay, ligtas sa lupain at doon tatahan, ngunit ang masama'y ipagtatabuyan.

10Hindi magtatagal, sila'y mapaparam, kahit hanapin mo'y di masusumpungan.

11Tatamuhin ng mga mapagpakumbaba, ang lupang pangako na kanyang pamana; at sa lupang iyon na napakasagana, ang kapayapaa'y matatanggap nila.

12Ang taong masama'y laban sa matuwid, napopoot siyang ngipi'y nagngangalit.

13Si Yahweh'y natatawa lang sa masama, pagkat araw nila lahat ay bilang na.

14Taglay ng masama'y pana at patalim, upang ang mahirap dustai't patayin, at ang mabubuti naman ay lipulin.

15Ngunit sa sariling tabak mamamatay, pawang mawawasak pana nilang taglay.

16Higit na mabuti ang may kakaunti ngunit matuwid at walang kinakanti, kaysa kayamanan nitong masasama, pagsamahin mang lahat, ito'y balewala.

17Lakas ng masama ay aalisin, ngunit ang matuwid ay kakalingain.

18Iingatan ni Yahweh ang taong masunurin, ang lupang minana'y di na babawiin.

19Kahit na sumapit ang paghihikahos, di daranasin ang pagdarahop.

20Ngunit ang masama'y pawang mamamatay; kalaban ni Yahweh, tiyak mapaparam, tulad ng bulaklak at mga halaman; para silang usok na paiilanlang.

21Anumang hiramin ng taong masama, di na ibabalik sa kanyang kapwa, ngunit ang matuwid na puso'y dakila, ang palad ay bukás at may pang-unawa.

22Lahat ng mga taong pinagpala ni Yahweh, lupang masagana, kanilang bahagi; ngunit ang sinuman na kanyang sumpain, sa lupaing iyon ay palalayasin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Ang gabay ng tao sa kanyang paglakad, ay itong si Yahweh, kung nais maligtas; sa gawain niya, ang Diyos nagagalak.

24Kahit na mabuwal, siya ay babangon, pagkat si Yahweh, sa kanya'y tutulong.

25Mula pagkabata't ngayong tumanda na, sa tanang buhay ko'y walang nabalita na sa taong tapat, ang Diyos nagpabaya; o ang anak niya'y naging hampaslupa.

26Sa lahat ng oras, bukás pa ang palad sa pagkakaloob sa mga mahirap; pagpapala'y laan ng kanilang mga anak.

27Masama'y itakwil, mabuti ang gawin, upang manahan kang lagi sa lupain.

28Ang lahat ng taong wasto ang gawain, ay mahal ni Yahweh, hindi itatakwil. Sila'y iingatan magpakailanman, ngunit ang masama ay ihihiwalay.

29Ang mga matuwid, ligtas na titira, at di na aalis sa lupang pamana.

30Sa bibig ng matuwid namumutawi'y karunungan; at sa labi nila'y pawang katarungan.

31Ang utos ng Diyos ang laman ng puso, sa utos na ito'y hindi lumalayo.

32Ang taong masama'y laging nag-aabang, sa taong matuwid nang ito'y mapatay;

33ngunit hindi naman siya hahayaang mahulog sa kamay ng mga kaaway; di rin magdurusa kahit paratangan.

34Manalig ka kay Yahweh, utos niya'y sundin; ikaw ay lalakas upang ang lupain ay kamtin, at ang mga taksil makikitang palalayasin.

35Ako'y may nakitang taong abusado, itaas ang sarili ang kanyang gusto; kahoy sa Lebanon ang tulad nito.

36Lumipas ang araw, ang aking napuna, nang ako'y magdaan, ang tao'y wala na; hinanap-hanap ko'y di ko na makita.

37Ang taong matuwid ay inyong pagmasdan, mapayapang tao'y patuloy ang angkan.

38Ngunit wawasaking lubos ang masama, lahi'y lilipulin sa balat ng lupa.

39Ililigtas ni Yahweh ang mga matuwid, iingatan sila kapag naliligalig.

40Sasaklolohan sila't kanyang tutulungan laban sa masama, ipagsasanggalang; sapagkat si Yahweh ang kanilang sandigan.

## Mga Awit 38

### Panalangin ng Taong Nagdaranas ng Hirap

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

*Awit ni David; inaawit tuwing mag-aalay ng handog pang-alaala.*

1Yahweh, huwag mo po akong kagalitan! O kung galit ka ma'y huwag pong parusahan.

2Ang iyong palaso'y tumama sa akin; at iyong mga kamay, hinampas sa akin.

3Ako'y nilalagnat dahil sa iyong galit; dahil sa sala ko, ako'y nagkasakit.

4Ako'y nalulunod sa taglay kong sala, sa dinami-rami ay para nang baha; mabigat na lubha itong aking dala.

5Malabis ang paglala nitong aking sugat, dahil ginawa ko ang hindi nararapat;

6Wasak at kuba na ang aking katawan; sa buong maghapo'y puspos ng kalungkutan.

7Dumapong lagnat ko'y apoy na sa init, lumulubhang lalo ang taglay kong sakit.

8Ako'y nanghihina at nanlulupaypay, puso'y dumaraing sa sakit na taglay.

9O Yahweh, hangad ko'y iyong nababatid; ang mga daing ko'y iyong dinirinig.

10Ang aking puso ay mabilis ang tibok, ang taglay kong lakas, pumapanaw na halos; ningning ng mata ko'y pawa nang naubos.

11Mga kaibiga't mga kapitbahay ay nagsisilayo, ayaw nang dumalaw dahil sa sugat ko sa aking katawan; lumalayo pati aking sambahayan.

12Silang nagnanais na ako'y patayin, nag-umang ng bitag upang ako'y dakpin; ang may bantang ako'y saktan at wasakin, maghapon kung sila'y mag-abang sa akin.

13Para akong bingi na di makarinig, at para ring pipi na di makaimik;

14sa pagsasanggalang ay walang masabi, walang marinig katulad ng isang bingi.

15Ngunit sa iyo, Yahweh, ako'y may tiwala, aking Diyos, ika'y tiyak na tutugon.

16Aking panalangin, iyong pakinggan, itong mga hambog, huwag mong hayaan, sa aking kabiguan, sila'y magtawanan.

17Sa pakiramdam ko, ako'y mabubuwal, mahapdi't makirot ang aking katawan.

18Aking ihahayag ang kasalanan ko, mga kasalanang sa aki'y gumugulo.

19Mga kaaway ko'y malakas, masigla; wala mang dahila'y namumuhi sila.

20Ang ganting masama ang sukli sa akin, dahil sa hangad kong buhay ko'y tuwirin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Yahweh, huwag akong iiwan; maawaing Diyos, huwag akong layuan;

22aking Panginoon, aking kaligtasan, iyo ngang dalian, ako ay tulungan!

## Mga Awit 39

**Pagtatapat ng Taong Nahihirapan**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit na si Jeduthun.*

1Ang sabi ko sa sarili, sa gawai'y mag-iingat, at hindi ko hahayaang ang dila ko ay madulas; upang hindi magkasala, ako'y di magsasalita habang nakapalibot, silang mga masasama.

2Ako'y sadyang nanahimik, wala akong sinasabi, hindi ako nagsalita maging tungkol sa mabuti; ngunit lalo pang lumubha paghihirap ng sarili.

3Ako'y lubhang nabahala, nangangamba ang puso ko, habang aking iniisip, lalo akong nalilito; nang di ako makatiis, ang sabi ko ay ganito:

4“Yahweh, sana'y sabihin mo kung kailan mamamatay, kung gaanong katagal pa kaya ako mabubuhay.”

5Ang damdam ko sa sarili'y pinaikli mo ang buhay, sa harap mo ang buhay ko'y parang walang kabuluhan; ang buhay ng bawat tao'y parang hanging dumaraan. (Selah)

6Ang buhay ng isang tao'y parang anino nga lamang, at maging ang gawa niya ay wala ring kasaysayan; hindi batid ang kukuha ng tinipon niyang yaman!

7Kung ganoon, Panginoon, nasaan ba ang pag-asa? Pag-asa ko'y nasa iyo, sa iyo ko nakikita.

8Kaya ngayo'y iligtas mo, linisin sa aking kasalanan; ang hangal ay huwag bayaan na ako'y pagtawanan.

9Tunay akong tatahimik, wala akong sasabihin, pagkat lahat ng dinanas, pawang dulot mo sa akin.

10Huwag mo akong parusahan, parusa mo ay itigil; sa hampas na tinatanggap ang buhay ko'y makikitil.

11Kung ang tao'y magkasala, ang parusa mo ay galit; parang isang gamu-gamong pinatay ang iniibig; tunay na ang isang tao'y hangin lamang ang kaparis! (Selah)

12Pakinggan mo ako, Yahweh, dinggin ang aking hibik; sa daing ko't panalangin, huwag ka sanang manahimik. Sa iyong piling ay dayuhan, ako'y hindi magtatagal, at tulad ng ninuno ko, sa daigdig ay lilisan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Sa ganitong kalagayan, huwag na akong kagalitan, upang muling makalasap kahit konting kasiyahan, bago man lang mamayapa't makalimutan ng lahat.

## Mga Awit 40

**Awit ng Pagpupuri**

*Awit na katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1Sa Diyos na si Yahweh, mat'yagang naghintay, ang aking panaghoy, kanyang pinakinggan;

2sa balong malalim na lubhang maputik, iniahon niya at doo'y inalis. Ligtas na dinala sa malaking bato, at naging panatag, taglay na buhay ko.

3Isang bagong awit, sa aki'y itinuro, papuri sa Diyos, ang awit ng puso; matatakot ang bawat makakasaksi, at magtitiwala sa Diyos na si Yahweh.

4Mapalad ang taong, kay Yahweh'y tiwala, at sa diyus-diyosa'y hindi dumadapa; hindi sumasama sa nananambahan, sa mga nagkalat na diyus-diyosan.

5Yahweh, aking Diyos, wala kang katulad sa maraming bagay na iyong ginanap; kung pangahasan kong sabihin ang lahat, nangangamba akong may makalimutan.

6Ang mga pang-alay, pati mga handog, at ang mga hayop na handang sunugin, hindi mo na ibig sa dambana dalhin, handog na sinusunog at mga kaloob hindi mo naisin, upang sala'y iyong patawarin. Sa halip, ang iyong kaloob sa akin ay pandinig ko upang ika'y dinggin.

7Kaya ang tugon ko, “Ako'y naririto; nasa Kautusan ang mga turo mo.

8Ang nais kong sundi'y iyong kalooban; aking itatago sa puso ang aral.”

9Ang pagliligtas mo'y aking inihayag, saanman magtipon ang iyong mga anak; di ako titigil ng pagpapahayag.

10Ang pagliligtas mo'y ipinagsasabi, di ko inilihim, hindi ko sinarili; pati pagtulong mo't pag-ibig na tapat, sa mga lingkod mo'y isinisiwalat.

11Aking nalalamang di mo puputulin, Yahweh, ang iyong pagtingin sa akin; wagas mong pag-ibig at iyong katapatan, mag-iingat sa akin magpakailanpaman.

**Panalangin Upang Tulungan ng Diyos**

(Awit 70)

12Kay rami na nitong mga suliranin, na sa karamiha'y di kayang bilangin. Alipin na ako ng pagkakasala, na sa dami, ako'y di na makakita; higit pa ang dami sa buhok sa ulo, kaya nasira na pati ang loob ko.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Nawa ay kalugdan, na ako'y tulungan! Yahweh, ngayon na, ako'y pakinggan.

14Nawa ang may hangad na ako'y patayin, bayaang malito't ganap na talunin. Yaong nagagalak sa suliranin ko, hiyain mo sila't bayaang malito!

15Silang nangungutya sa aki'y bayaang manlumo nang labis, nang di magtagumpay!

16Silang lumalapit sa iyo'y dulutan ng ligaya't galak na walang kapantay; bayaang sabihing: “Si Yahweh ay Dakila!” ng nangaghahangad maligtas na kusa.

17Ako ma'y mahirap at maraming kailangan, subalit hindi mo kinalilimutan. Ikaw ang tulong ko, at tagapagligtas— Yahweh, aking Diyos, huwag ka nang magtagal!

## Mga Awit 41

**Panalangin ng Isang Maysakit**

*Awit na katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1Mapalad ang isang taong tumutulong sa mahirap, si Yahweh ang kakalinga kung siya nama'y mabagabag.

2Buhay niya'y iingatan, si Yahweh lang ang may hawak, sa kamay man ng kaaway, hindi siya masasadlak, at doon sa bayan niya'y ituturing na mapalad.

3Si Yahweh rin ang tutulong kung siya ay magkasakit, ang nanghina niyang lakas ay ganap na ibabalik.

4Ang pahayag ko kay Yahweh, “Tunay akong nagkasala, iyo akong pagalingin, sa akin ay mahabag ka!”

5Yaong mga kaaway ko, ang palaging binabadya, “Kailan ka mamamatay, ganap na mawawala?”

6Yaong mga dumadalaw sa akin ay hindi tapat; ang balitang masasama ang palaging sinasagap, at saan ma'y sinasabi upang ako ay mawasak.

7Ang lahat ng namumuhi'y ang lagi nilang usapan, ako raw ay ubod sama, ang panabi sa bulungan.

8Ang sakit ko, sabi nila, ay wala nang kagamutan, hindi na makakabangon sa banig ng karamdaman.

9Lubos akong nagtiwala sa tapat kong kaibigan kasalo ko sa tuwina, karamay sa anuman; ngunit ngayon, lubos siyang naging taksil na kalaban.

10Sa akin ay mahabag ka, Yahweh, ako'y kaawaan; ibalik mo ang lakas ko't kaaway ko'y babalingan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Kung ikaw ay nalulugod, ganito ko malalaman, sa aki'y di magwawagi kahit
sino ang kaaway.

12Tulungan mo ako ngayon, yamang ako'y naging tapat. Sa piling mo ay
patuloy na ingatan akong ganap.

13Purihin si Yahweh, ang Diyos ng Israel! Purihin siya, ngayon at
magpakailanman! Amen! Amen!

## Mga Awit 42

**IKALAWANG AKLAT**

***(Mga Awit 42–72)***

**Panaghoy ng Isang Dinalang-bihag**

*Isang Maskil ng angkan ni Korah, upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1Kung paanong batis ang siyang hanap ng isang usa; gayon hinahanap ang
Diyos ng uhaw kong kaluluwa.

2Nananabik ako sa Diyos, sa Diyos na buháy, walang iba; kailan kaya
maaaring sa presensya mo'y sumamba?

3Araw-gabi'y tumataghoy, gabi't araw tumatangis; naging tanging pagkain
ko'y mga luha sa paghibik. Itong mga kaaway ko, sa tuwina'y yaong sambit,
“Nasaan ba ang iyong Diyos? Hindi namin namamasid.”

4Nagdurugo ang puso ko, kapag aking maalala ang lumipas na kahapong lagi
kaming sama-sama, papunta sa templo ng Diyos na ako ang nangunguna;
pinupuri namin ang Diyos sa pag-awit na masaya!

5Bakit ako nanlulumo, bakit ako nagdaramdam? Sa Diyos ako may tiwala,
siyang aking aasahan; Diyos na Tagapagligtas, muli ko siyang aawitan.

6Siya ay gugunitain ng puso kong tigib-hirap, habang ako'y nasa Jordan, sa
Hermon, at sa Mizar di ko siya malilimot, gugunitain oras-oras.

7Ang dagat na kalaliman pakinggan at umuugong, at doon ay maririnig,
lagaslas ng mga talon; ang katulad: nagagalit, malalaking mga alon, na sa
aking kaluluwa ay ganap na tumatabon.

8Nawa ang pag-ibig ni Yahweh ay mahayag araw-araw, gabi-gabi siya
nawa'y purihin ko at awitan; dadalangin ako sa Diyos, na sa aki'y bumubuhay.

9Sa Diyos na sanggalang ko ganito ang aking wika, “Bakit ako ay nilimot,
nilimot mo akong kusa? Bakit ako nagdurusa sa kamay ng masasama?”

10Kalooban ko'y nanghihina sa pagkutya ng kalaban, habang sila'y
nagtatanong, “Ang Diyos mo ba ay nasaan?”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Bakit ako nalulungkot, bakit ako nagdaramdam? Sa Diyos ako'y may tiwala, siyang aking aasahan; magpupuri akong muli, pupurihing walang humpay, ang aking Tagapagligtas, ang Diyos na walang hanggan.

## Mga Awit 43

**Panalangin ng Isang Dinalang-bihag**

(Karugtong ng Awit 42)

1Hatulan mong ako'y walang kasalanan, Panginoon, at laban sa masasama, ako'y iyong ipagtanggol; sa masama't sinungaling, ilayo mo ako ngayon!

2Diyos na aking sanggalang, bakit mo ako iniwan? Bakit ako nagdurusa sa pahirap ng kaaway?

3Ang totoo't ang liwanag, buhat sa iyo ay pakamtan, upang sa Zion ay mabalik, sa bundok mong dakong banal sa bundok mong pinagpala, at sa templo mong tirahan.

4Sa dambana mo, O Diyos, ako naman ay dudulog, yamang galak at ligaya ang sa aki'y iyong dulot; sa saliw ng aking alpa'y magpupuri akong lubos, buong lugod na aawit ako sa Diyos, na aking Diyos!

5Bakit ako nababahala, bakit ako nahahapis? Sa Diyos ako ay aasa at sa kanya mananalig. Muli akong magpupuri sa Diyos ko't Tagapagligtas, itong aking pagpupuri sa kanya ko ihahayag!

## Mga Awit 44

**Panalangin Upang Iligtas**

*Isang Maskil ng angkan ni Korah, upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1Ang gawa mo noong una dakilang mga bagay, narinig po namin, O Diyos, sa ninuno naming mahal;

2Pinalayas mo ang Hentil sa sarili nilang bayan, at ang mga hinirang mo ang siya mong inilagay; sila'y iyong pinagpala't pinaunlad yaong buhay, samantalang iyong iba ay parusa ang nakamtan,

3hindi sila ang gumapi sa lupain na minana, hindi sila nagtagumpay dahilan sa lakas nila; hindi tabak ang ginamit, ni ginamit na sandata, kundi lakas mo, O Diyos, noong ikaw ang kasama; oo, ito'y ginawa mo pagkat mahal mo nga sila.

4O Diyos, ikaw ang hari ko na nagbigay ng tagumpay, pagwawagi'y kaloob mo sa bayang iyong hinirang.

5Dahilan sa iyong lakas, talo namin ang kaaway, pagkat ikaw ang kasama, kaya sila napipilan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Palaso ko, aking tabak, hindi ko rin inasahan, upang itong kaaway ko ay magapi sa labanan.

7Ngunit ikaw ang nanguna kaya kami nagtagumpay, sa sinumang namumuhing malulupit na kaaway.

8Kaya naman, ikaw, O Diyos, lagi naming pupurihin; sa papuri't pasalamat ika'y aming tatanghalin. (Selah)

9Ngunit ngayo'y itinakwil, kaya kami ay nalupig, hukbo nami'y binayaa't hindi mo na tinangkilik;

10Hinayaan mo nga kami kaya kami ay tumakas; aming mga naiwanan ay sinamsam nilang lahat.

11Kami'y iyong binayaang katayin na parang tupa, matapon sa ibang bansa upang doon ay magdusa.

12Kami'y iyong pinagbili sa maliit na halaga; sa ginawang pagbebenta walang tubo na nakuha.

13Sa sinapit naming ito, mga bansa ay nagtawa, kinukutya kaming lagi, iniinis sa tuwina.

14Pati bansang walang Diyos, sa gitna ng sanlibutan, sa nangyari'y umiiling bilang tanda ng pag-uyam.

15At lagi kong alaala mapait na karanasan, aking puso ay nanlumo sa malaking kahihiyan.

16Ang malaking kahihiyang ngayo'y aking tinataglay, ay bunga ng pang-iinis at pagkutya ng kaaway.

17Sa ganitong karanasan, kami'y lubhang nagtataka; ikaw nama'y nakaukit sa isipa't alaala, at ang tipan mo sa ami'y sinusunod sa tuwina.

18Hindi namin sinusuway yaong iyong mga batas, hanggang ngayo'y tapat kami, hindi kami lumalabag.

19Gayon pa ma'y iniwan mo, kami'y iyong binayaan, sa gitna ng mga ganid at pusikit na karimlan.

20Kung pagsamba sa ating Diyos kusa naming itinigil, at sa ibang mga diyos doon kami dumalangin,

21ito'y iyong mababatid pagkat sa iyo'y walang lihim, sa iyo ay walang lingid na isipan at damdamin.

22Dahil po sa inyo'y buong araw kaming pinapatay, turing nila sa amin ay mga tupang pangkatay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Gumising ka sana, Yahweh! Sa paghimlay ay gumising. Bumangon ka! Kailanma'y 'wag po kaming itatakwil.

24Kami'y huwag pagkublihan, pagtaguan ay huwag din, ang pangamba nami't hirap, huwag mo pong lilimutin.

25Halos kami ay madurog nang bumagsak na sa lupa; sa bunton ng alikabok ay lupig na nabulagta.

26Bumangon ka at tumulong, kami ngayon ay iligtas, dahilan sa pag-ibig mong kailanma'y di kukupas!

## Mga Awit 45

**Awit sa Maharlikang Kasalan**

*Isang Maskil ng angkan ni Korah, upang awitin ng Punong Mang-aawit; isang awit ng pag-ibig.*

1Kay gagandang pangungusap ang naroon sa isipan, habang aking hinahabi ang awit sa haring mahal; ang katulad ng dila ko ay panulat ng maalam, panulat ng dalubhasang sumulat ng kasaysayan.

2Sa lahat nga ng nilikha, makisig kang hindi hamak, kapag nagtatalumpati'y pambihira kung mangusap; ikaw nga ay pinagpala ng Diyos sa tuwi-t'wina.

3O ikaw na haring bantog, isakbat mo ang sandata; sagisag mo'y maharlika, malakas nga't dakila ka!

4Maglakbay kang mayro'ng dangal tinataglay ang tagumpay, alang-alang sa matuwid, ipagtanggol ang katuwiran; tagumpay ay matatamo sa lakas mong tinataglay.

5Palaso mo'y matatalim, pumapatay ng kaaway; susuko ang mga bansa at sa iyo'y magpupugay.

6Iyang tronong tinanggap mo na kaloob ng Diyos, isang tronong magtatagal at hindi na matatapos; matuwid kang maghahari sa bansa mong nasasakop.

7Katarunga'y iyong mahal, sa masama'y namumuhi; kaya naman ang iyong Diyos, tanging ikaw ang pinili; higit sa sinumang hari, kagalakang tanging-tangi.

8Sa damit mo'y nalalanghap, tatlong uri ng pabango, mira, aloe saka kasia na buhat sa ibang dako; inaaliw ka ng tugtog sa garing na palasyo mo.

9O kay gagandang prinsesa ang katulong na dalaga, samantalang sa kanan mo, nakatayo yaong reyna, palamuti'y gintong lantay sa damit na suot niya.

10O kabiyak nitong hari, ang payo ko'y ulinigin; ang lahat mong kamag-anak at ang madla ay limutin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Sa taglay mong kagandahan ang hari ang paibigin; siya'y iyong Panginoon, marapat na iyong sundin.

12Yaong mga taga-Tiro, handog nila ay dadalhin, pati mga mayayaman sa iyo ay susuyo rin.

13Ang prinsesa sa palasyo'y pagmasdan mo't anong ganda; sinulid na gintung-ginto ang hinabing damit niya.

14Sa magara niyang damit, sa hari ay pinapunta, mga abay ay kasama, haharap sa hari nila.

15Sama-samang masasaya, ang lahat ay nagagalak nagsipasok sa palasyo, kanyang hari ay hinanap.

16Darami ang iyong supling, sa daigdig maghahari, kapalit ng ninuno mo sa sinundang mga lahi.

17Dahilan sa aking awit, ikaw nama'y dadakila, kailanma'y pupurihin nitong lahat na nilikha!

## Mga Awit 46

**Ang Diyos ay Sumasaatin**

*Katha ng angkan ni Korah upang awitin ng Punong Mang-aawit: ayon sa Alamot*

1Ang Diyos ang ating lakas at kanlungan, at handang saklolo kung may kaguluhan.

2Di dapat matakot, mundo'y mayanig man, kahit na sa dagat ang bundok matangay;

3kahit na magngalit yaong karagatan, at ang mga burol mayanig, magimbal. (Selah)

4May ilog ng galak sa bayan ng Diyos, sa banal na templo'y ligaya ang dulot.

5Ang tahanang-lunsod ay di masisira; ito ang tahanan ng Diyos na Dakila, mula sa umaga ay kanyang alaga.

6Nangingilabot din bansa't kaharian, sa tinig ng Diyos lupa'y napaparam.

7Nasa atin ang Diyos na Makapangyarihan, ang Diyos ni Jacob na ating kanlungan. (Selah)

8Anuman ang kanyang ginawa sa lupa, sapat nang pagmasdan at ika'y hahanga!

9Maging pagbabaka ay napatitigil, sibat at palaso'y madaling sirain; baluting sanggalang ay kayang tupukin!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Sinasabi niya, "Ihinto ang labanan, ako ang Diyos, dapat ninyong malaman, kataas-taasan sa lahat ng bansa, sa buong sanlibuta'y pinakadakila."

11Nasa atin ang Diyos na Makapangyarihan; ang Diyos ni Jacob na ating kanlungan! (Selah)

## Mga Awit 47

**Kataas-taasang Hari**

*Awit na katha ng angkan ni Korah upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1Magdiwang ang lahat ng mga nilikha! Pumalakpak kayong may awit at tuwa, bilang pagpupuri sa Diyos na Dakila!

2Ang Diyos na si Yahweh, Kataas-taasan, ay dakilang haring dapat na igalang; siya'y naghahari sa sangkatauhan.

3Tayo'y pinagwagi sa lahat ng tao, sa lahat ng bansa'y namahala tayo.

4Siya ang pumili ng ating tahanan, ang lupang minana ng mga hinirang. (Selah)

5Lumuklok sa trono si Yahweh na ating Diyos, sigawan at trumpeta ang siyang tumutunog.

6Purihin ang Diyos, siya ay awitan, awitan ang hari, siya'y papurihan!

7Ang Diyos, siyang hari ng lahat ng bansa; awita't purihin ng mga nilikha!

8Maghahari siya sa lahat ng bansa, magmula sa tronong banal at dakila.

9Sa mga hinirang ng Diyos ni Abraham, sasama ang mga pamunuan ng lahat ng bansa sa sandaigdigan. Ang mga sandata ng lahat ng kawal, lahat ay sa Diyos na kataas-taasan.

## Mga Awit 48

**Zion, ang Bayan ng Diyos**

*Awit na katha ng angkan ni Korah.*

1Dakila si Yahweh, dapat papurihan, sa lunsod ng Diyos, bundok niyang banal.

2Ang Bundok ng Zion, tahanan ng Diyos ay dakong mataas na nakalulugod; bundok sa hilaga na galak ang dulot, sa lahat ng bansa nitong sansinukob.

3Sa piling ng Diyos ligtas ang sinuman, sa loob ng muog ng banal na bayan.

4Itong mga hari ay nagtipun-tipon, upang sumalakay sa Bundok ng Zion.

5Sila ay nagulat nang ito'y mamasdan, pawang nagsitakas at nahintakutan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Ang nakakatulad ng pangamba nila ay pagluluwal ng butihing ina.

7Tulad ng malaking barkong naglalayag, sa hanging silangan dagling nawawasak.

8Sa banal na lunsod ay aming namasid ang kanyang ginawa na aming narinig; ang Diyos na si Yahweh, Makapangyarihan, siyang mag-iingat sa lunsod na banal, iingatan niya magpakailanman. (Selah)

9Sa loob ng iyong templo, aming Diyos, nagunita namin pag-ibig mong lubos.

10Ika'y pinupuri ng lahat saanman, sa buong daigdig ang dakila'y ikaw, at kung mamahala ay makatarungan.

11Kayong taga-Zion, dapat na magalak! At ang buong Juda'y magdiwang na lahat, dahilan kay Yahweh sa hatol niyang tumpak.

12Ang buong palibot ng Zion, lakarin, ang lahat ng tore doon ay bilangin;

13ang nakapaligid na pader pansinin, mga muog nito'y inyong siyasatin; upang sa susunod na lahi'y isaysay,

14na ang Diyos, ay Diyos natin kailanman, sa buong panahon siya ang patnubay.

## Mga Awit 49

**Kahangalan ang Magtiwala sa Kayamanan**

*Awit na katha ng angkan ni Korah upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1Bawat isa ay makinig, makinig ang sino pa man, kahit saan naroroon ay makinig ang nilalang!

2Kahit ikaw ay dakila o hamak ang iyong lagay, makinig na sama-sama ang mahirap at mayaman.

3Itong aking sasabihi'y salitang may karunungan, ang isipang ihahayag, mahalagang mga bagay;

4Ang pansin ko ay itutuon sa bugtong na kasabihan, sa saliw ng aking alpa'y ihahayag ko ang laman.

5Hindi ako natatakot sa panahon ng panganib, kahit pa nga naglipana ang kaaway sa paligid—

6mga taong naghahambog, sa yaman ay nananalig, dahilan sa yaman nila'y tumaas ang pag-iisip.

7Hindi kaya ng sinumang ang sarili ay matubos, hindi kayang mabayara't tubusin sa kamay ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Ang bayad sa kanyang buhay ay halagang sakdal taas; gaano man ang halagang hawak niya'y hindi sapat

9upang siya ay mabuhay nang hindi na magwawakas at sa labi ng libingan ay hindi na mapasadlak.

10Alam naman niyang lahat ay mamamatay, kasama ang marunong, maging mangmang o hangal; sa lahing magmamana, yaman nila'y maiiwan.

11Doon sila mananahan sa libingan kailanpaman, kahit sila'y may lupaing pag-aari nilang tunay;

12maging sikat man ang tao, hinding-hindi maiwasan katulad din noong hayop, tiyak siyang mamamatay.

13Masdan ninyo yaong taong nagtiwala sa sarili, at sa kanyang kayamanan ay nanghawak na mabuti: (Selah)

14Tulad niya'y mga tupa, sa patayan din hahantong, itong si Kamatayan ang kanyang magiging pastol. Ang matuwid, magwawagi kapag sumapit ang umaga, laban doon sa kaaway na ang bangkay ay bulok na sa daigdig ng mga patay, na malayo sa kanila.

15Ngunit ako'y ililigtas, hindi ako babayaan, aagawin ako ng Diyos sa kamay ng kamatayan. (Selah)

16Di ka dapat mabagabag, ang tao man ay yumaman, lumago man nang lumago yaong kanyang kabuhayan;

17hindi ito madadala kapag siya ay namatay, ang yaman ay hindi niya madadala sa libingan.

18At kahit na masiyahan ang tao sa kanyang buhay, dahilan sa sinusuob ng papuri't nagtagumpay;

19katulad ng ninuno niya, siya rin ay mamamatay, masasadlak pa rin siya sa dilim na walang hanggan.

20Ang tao mang dumakila ay iisa ang hantungan, katulad ng mga hayop, tiyak siyang mamamatay!

## Mga Awit 50

**Tunay na Pagsamba**

*Awit ni Asaf.*

1Ang Makapangyarihang Diyos, si Yahweh ay nagsasaysay, ang lahat ay tinatawag sa silangan at kanluran.

2Magmula sa dakong Zion, ang lunsod ng kagandahan, makikita siyang nagniningning sa kaluwalhatian.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Ang Diyos natin ay darating, ngunit hindi matahimik; sa unaha'y nangunguna ang apoy na nagngangalit, bumabagyong ubod-lakas, humahangin sa paligid.

4Ginagawa niyang saksi ang lupa at kalangitan, upang masdan ang ganitong paghatol sa mga hirang:

5“Ang lahat ng matatapat na lingkod ko ay tipunin, silang tapat sa kasunduan at nag-aalay ng handog.”

6Ang buong kalangita'y naghahayag na ang Diyos, isang hukom na matuwid, kung humatol ay maayos. (Selah)

7“Kayong aking mga lingkod, makinig sa sasabihin; ako ay Diyos, ang inyong Diyos, salita ko'y unawain; ako'y mayroong patotoo't saksi laban sa Israel.

8Hindi ako nagagalit dahilan sa inyong handog, ni sa inyong mga haing sa dambana'y sinusunog,

9bagaman ang mga toro'y hindi ko na kailangan, maging iyang mga kambing at ang inyong mga kawan.

10Pagkat akin iyang hayop sa gitna ng kagubatan, maging bakang naglipana sa maraming kaburulan.

11Akin din ang mga ibong lumilipad sa itaas, at ang lahat na may buhay sa parang ay akin lahat.

12“Kung ako ma'y nagugutom, hindi ko na sasabihin, yamang lahat sa daigdig na narito'y pawang akin.

13Ang karne ng mga toro, iyon ba'y aking pagkain? At ang inumin ko ba'y dugo ng mga kambing?

14Ang ihandog ninyo sa Diyos ay ang inyong pasalamat; ang pangakong handog ninyo ay tuparin ninyong lahat.

15Kung kayo ay may bagabag, ako lagi ang tawagin; kayo'y aking ililigtas, ako'y inyong pupurihin.”

16Ang tanong ng Panginoon sa masama't mga buktot, “Bakit ninyo inuusal ang aking mga utos? Gayundin ang kasunduang hindi ninyo sinusunod?

17Kapag kayo ay tinutuwid, agad kayong napopoot, at ni ayaw na tanggapin ang aking mga utos;

18ang makitang magnanakaw ang nagiging kaibigan, at taong mapang-apid ang siya ninyong kasamahan.

19“Mabilis ang inyong dila sa masamang sasabihin; sa inyo ay balewala ang gawaing pagsisinungaling.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

20Handa ninyong paratangan maging tunay na kapatid, at kay daming kapintasang sa kanila'y nasisilip.

21Kahit ito ay ginawa hindi kayo pinupuna, kaya naman ang akala, kayo't ako'y magkaisa. Ngunit ngayon, panahon nang kayo'y aking pagwikaan, upang inyong maunawa ang ginawang kamalian.

22“Kaya ngayo'y dinggin ito, kayong sa aki'y di pumapansin, kapag ako'y di dininig, kayo'y aking wawasakin; walang sinumang sa inyo'y makakaligtas sa akin.

23Ang parangal na nais ko na sa aki'y ihahain, ay handog ng pasalamat, pagpupuring walang maliw; akin namang ililigtas ang lahat na masunurin.”

## Mga Awit 51

**Panalangin ng Paghingi ng Kapatawaran**

*Awit na katha ni David, upang awitin ng Punong Mang-aawit, nang siya ay pagwikaan ni Propeta Natan tungkol kay Batsheba.*

1Ako'y kaawaan, O mahal kong Diyos, sang-ayon sa iyong kagandahang-loob; mga kasalanan ko'y iyong pawiin, ayon din sa iyong pag-ibig sa akin!

2Linisin mo sana ang aking karumhan, at patawarin mo'ng aking kasalanan!

3Mga pagkakasala ko'y kinikilala, di ko malilimutan, laging alaala.

4Sa iyo lang ako nagkasalang tunay, at ang ginawa ko'y di mo kinalugdan; kaya may katuwiran ka na ako'y hatulan, marapat na ako'y iyong parusahan.

5Ako'y masama na buhat nang isilang, makasalanan na nang ako'y iluwal.

6Nais mo sa aki'y isang pusong tapat; puspusin mo ako ng dunong mong wagas.

7Ako ay linisin, sala ko'y hugasan at ako'y puputi nang lubus-lubusan.

8Sa galak at tuwa ako ay puspusin; butong nanghihina'y muling palakasin.

9Ang kasalanan ko'y iyo nang limutin, lahat kong nagawang masama'y pawiin.

10Isang pusong tapat sa aki'y likhain, bigyan mo, O Diyos, ng bagong damdamin.

11Sa iyong harapa'y huwag akong alisin; iyong banal na Espiritu'y paghariin.

12Ang galak na dulot ng iyong pagliligtas, ibalik at ako po'y gawin mong tapat.

13Kung magkagayon na, aking tuturuang sa iyo lumapit ang makasalanan.

14Ingatan mo ako, Tagapagligtas ko at aking ihahayag ang pagliligtas mo.

15Tulungan mo akong makapagsalita, at pupurihin ka sa gitna ng madla.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Hindi mo na nais ang mga handog; di ka nalulugod, sa haing sinunog;

17ang handog ko, O Diyos, na karapat-dapat ay ang pakumbaba't pusong mapagtapat.

18Iyong kahabagan, O Diyos, ang Zion; at ang Jerusalem ay muling ibangon.

19At kung magkagayon, ang handog na haing dala sa dambana, torong susunugin, malugod na ito'y iyong tatanggapin.

## Mga Awit 52

**Ang Hatol at Habag ng Diyos**

*Maskil ni David, upang awitin ng Punong Mang-aawit, nang si Doeg na isang Edomita ay nagpunta at magsumbong kay Saul na, "Si David ay nagpunta sa bahay ni Ahimelec".*

1O taong malakas, bakit ka nagyabang sa gawa mong mali? Pag-ibig ng Diyos ang mamamalagi.

2Balak mo'y wasakin ang iba, ng iyong matalim na dila ng pagsisinungaling.

3Higit na matindi ang iyong pag-ibig sa gawang masama, higit na nais mo'y kasinungalingan kaysa gawang tama. (Selah)

4Taong sinungaling ang iba'y gusto mong saktan sa salita.

5Kaya't wawasaki't aal'sin ka ng Diyos sa loob ng tolda, sa mundo ng buháy aalisin ka niya. (Selah)

6Ito'y makikita ng mga matuwid, matatakot sila, at ang sasabihing pawang nagtatawa:

7"Masdan mo ang taong sa Diyos di sumampalataya, sa taglay niyang yaman nanangan at nagpakalakas sa kanyang kasamaan."

8Kahoy na olibo sa tabi ng templo, ang aking katulad; nagtiwala ako sa pag-ibig ng Diyos na di kumukupas.

9Di ako titigil ng pasasalamat sa iyong ginawa, ang kabutihan mo'y ipahahayag ko, kasama ng madla.

## Mga Awit 53

**Ang Kasamaan ng Tao**

(Awit 14)

*Isang Maskil ni David, upang awitin ng Punong Mang-aawit; sa saliw ng Mahalath.*

1Sinabi ng hangal sa kanyang sarili, "Wala namang Diyos!" Wala nang matuwid lahat nang gawain nila'y pawang buktot.

2Magmula sa langit ang Diyos nagmamasid sa kanyang nilalang, kung mayro'ng marunong at tapat sa kanya na nananambahan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[3]Ngunit kahit isa ni isang mabuti ay walang nakita, lahat ay lumayo at naging masama, lahat sa kanila.

[4]Ang tanong ng Diyos, “Sila ba'y mangmang at walang kaalaman? Ayaw manalangin, kaya't bayan ko'y pinagnanakawan.”

[5]Subalit darating ang di pa nadaranas nilang pagkatakot, pagkat ang kalansay ng mga kaaway, ikakalat ng Diyos, sila'y itatakwil, magagapi sila nang lubos na lubos.

[6]Ang aking dalangi'y dumating sa Israel ang iyong pagliligtas na mula sa Zion! Kung ang bayan ng Diyos ay muling umunlad, ang angkan ni Jacob, bayan ng Israel, lubos na magagalak!

## Mga Awit 54

**Panalangin Upang Saklolohan**

*Isang Maskil ni David, upang awitin ng Punong Mang-aawit; sa saliw ng mga instrumentong may kuwerdas.*

[1]Makapangyarihang Diyos, ako'y iligtas, ipagsanggalang mo ng iyong lakas.

[2]Dinggin mo, O Diyos, aking panalangin, iyo ngang pakinggan, aking mga daing.

[3]Ang nagmamataas ay laban sa akin, hangad ng malupit ang ako'y patayin, kanilang nilimot na ang Diyos ay sundin. (Selah)

[4]Batid kong ang Diyos ang siyang tutulong, tagapagsanggalang ko, aking Panginoon.

[5]Ang hinahangad ko ay maparusahan sa gawang masama ang mga kaaway; ang Diyos na matapat, sila'y wawakasan.

[6]Buong galak naman akong maghahandog ng pasasalamat kay Yahweh, dahilan sa kanyang kagandahang-loob.

[7]Iniligtas ako sa kabagabagan, iniligtas niya sa mga kaaway, at aking nakitang sila ay talunan!

## Mga Awit 55

**Panalangin ng Isang Pinagtaksilan ng Kaibigan**

*Isang Maskil ni David, upang awitin ng Punong Mang-aawit; sa saliw ng mga instrumentong may kuwerdas.*

[1]Ang panalangin ko, O Diyos, pakinggan, mga daing ko ay huwag namang layuan.

[2]Lingapin mo ako, ako ay sagipin, sa bigat ng aking mga suliranin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[3]Sa maraming banta ng mga kaaway, nalilito ako't hindi mapalagay. Ang dulot sa akin nila'y kaguluhan, namumuhi sila't may galit ngang tunay.

[4]Itong aking puso'y tigib na ng lumbay, sa aking takot na ako ay pumanaw.

[5]Sa tindi ng takot, ako'y nanginginig, sinasaklot ako ng sindak na labis.

[6]Wika ko, "Kung ako lamang ay may pakpak, parang kalapati, ako ay lilipad; hahanapin ko ang dakong panatag.

[7]Aking liliparin ang malayong lugar, at doon sa ilang ako mananahan. (Selah)

[8]Ako ay hahanap agad ng kanlungan upang makaiwas sa bagyong darating."

[9]Sila ay wasakin, Yahweh, guluhin mo; pag-uusap nila'y bayaang malito, yamang karahasan ang nakikita ko, at sa lunsod nila ay nagkakagulo.

[10]Sa lunsod na puno ng sama't ligalig, araw-gabi'y doon sila lumiligid;

[11]Sa gitna ng lunsod na wasak nang tunay, naghahari pa rin ang katiwalian; pati pang-aapi ay nasasaksihan.

[12]Kaya kong mabata at mapagtiisan, kung ang mangungutya ay isang kaaway; kung ang maghahambog ay isang kalaban, kayang-kaya ko pang siya'y pagtaguan!

[13]Ang mahirap nito'y tunay kong kasama, aking kaibigang itinuturing pa!

[14]Dati'y kausap ko sa bawat sandali at maging sa templo, kasama kong lagi.

[15]Biglang kamatayan nawa ay dumating, ihuhulog ng buháy, sa daigdig ng mga patay; sa kanilang puso't maging sa tahanan, yaong naghahari'y pawang kasamaan.

[16]Kay Yahweh lang ako hihingi ng saklolo; aking natitiyak, ililigtas ako.

[17]Sa umaga't hapon, maging sa gabi rin. Aking itataghoy ang mga hinaing, at ang aking tinig ay kanyang diringgin.

[18]Ililigtas ako mula sa labanan, at pababaliking taglay ang tagumpay, matapos gapiin ang mga kaaway.

[19]Ang Diyos na hari sa mula't mula pa ay diringgin ako, lulupigin sila; (Selah) pagkat ni sa kanya'y wala silang takot, ayaw nang magbago at magbalik-loob.

[20]Itong taong dati'y aking kasamahan, mga kaibiga'y kanyang kinalaban; at hindi tumupad sa 'ming kasunduan.

[21]Ang dulas ng dila'y parang mantekilya, ngunit nasa puso pagkapoot niya; ang mga salita niya'y tulad ng langis, ngunit parang tabak ang talas at tulis.

[22]Ilagak kay Yahweh iyong suliranin, aalalayan ka't ipagtatanggol rin; ang taong matuwid, di niya bibiguin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Ngunit ang bulaan at mamamatay-tao, O Diyos, sa hukay, sila'y itapon mo.
Hindi magtatagal, ang buhay nila sa daigdig, ngunit tanging sa Diyos ako ay
mananalig.

## Mga Awit 56

**Panalangin ng Pagtitiwala sa Diyos**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit: sa tono ng "Isang Tahimik na Kalapati sa Malayong Lugar". Isang Miktam, nang siya'y dakpin ng mga Filisteo sa Gat.*

1Maawa ka, Panginoon, ako'y iyong kahabagan, lagi akong inuusig, nilulusob ng kaaway;

2nilulusob nila ako, walang tigil, buong araw, O kay rami nila ngayong sa akin ay lumalaban.

3Kapag ako'y natatakot, O aking Diyos na Dakila; sa iyo ko ilalagak, pag-asa ko at tiwala.

4Pangako niyang binitiwa'y pinupuri ko nang lubos, tanging sa iyo, umaasa't nananalig ako, O Diyos; sa tao ring katulad ko, hindi ako matatakot.

5Ang lahat ng kaaway ko'y lagi akong ginugulo, ang palaging iniisip ay kanilang saktan ako;

6Lagi silang sama-sama sa kublihan nilang dako, naghihintay ng sandali upang kitlin ang buhay ko.

7Sa masama nilang gawa, O Diyos, sila'y parusahan, sa tindi ng iyong galit gapiin mo silang tunay!

8Ang taglay kong sulirani'y nababatid mo nang lahat, pati mga pagluha ko'y nakasulat sa iyong aklat.

9Kapag sumapit ang sandaling tumawag ako sa iyo, tiyak na malulupig ang lahat ng kalaban ko; pagkat aking nalalamang, "Ang Diyos ay nasa panig ko."

10May tiwala ako sa Diyos, pangako niya'y iingatan, pupurihin ko si Yahweh sa pangakong binitiwan.

11Lubos akong umaasa't may tiwala ako sa Diyos; sa tao ring katulad ko, hindi ako matatakot.

12Ang anumang pangako ko'y dadalhin ko sa iyo, O Diyos, ang alay ng pasalamat ay sa iyo ihahandog.

13Pagkat ako'y iniligtas sa bingit ng kamatayan, iniligtas mo rin ako sa ganap na kasiraan. Upang ako ay lumakad sa presensya mo, O Diyos, sa landas nitong liwanag na ikaw ang nagdudulot!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

## Mga Awit 57

**Panalangin Upang Tulungan ng Diyos**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit: ayon sa tono ng "Huwag Mong Sirain". Isang Miktam, nang si David ay tumakas kay Saul sa kuweba.*

1Mahabag ka, O aking Diyos, ikaw sana ay mahabag; sa iyo ako lumalapit upang ako ay maligtas, pagkat aking nasumpungan sa lilim ng iyong pakpak, ligtas ako sa panganib hanggang ito ay lumipas.

2Yaong aking tinatawag, ang Diyos na Kataas-taasan, ang Diyos na nagbibigay ng lahat kong kailangan.

3Magmula sa kalangitan, diringgin ang aking hibik, ang lahat ng kaaway ko'y lubos niyang magagapi; ang tapat niyang pagmamahal at matatag na pag-ibig, ihahayag ito ng Diyos, sa aki'y di ikakait. (Selah)

4Kasama ko'y mga leon, kapiling ko sa paghimlay, mabangis na mga hayop na sisila sa sinuman; parang sibat at palaso yaong ngipin nilang taglay, matulis ang mga dila na animo'y mga sundang.

5Purihin ka nawa, O Diyos, sa rurok ng kalangitan; dito naman sa daigdig ay ang iyong karangalan!

6Nadarama ng sarili, lagi na lang pagdurusa; hinuhuli ng kaaway; masilo ako, nais nila, ngunit sila ang nahulog sa bitag na inihanda. (Selah)

7Panatag na ako, O Diyos, ako ngayo'y matatag, purihin ka at awitan, ng awiting masisigla.

8Gumising ka, kaluluwa, gumising ka't purihin siya! Gumising ka't tugtugin mo yaong lumang lira't alpa; tumugtog ka at hintayin ang liwayway ng umaga.

9Sa gitna ng mga bansa, kita'y pasasalamatan; Yahweh, ika'y pupurihin sa gitna ng iyong bayan.

10Pag-ibig mong walang maliw ay abot sa kalangitan, nadarama sa itaas ang lubos mong katapatan.

11Purihin ka nawa, O Diyos, sa rurok ng kalangitan; dito naman sa daigdig ay ang iyong karangalan!

## Mga Awit 58

**Panalangin para Parusahan ng Diyos ang Masasama**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit: ayon sa tono ng "Huwag Mong Sirain". Isang Miktam.*

1Tama ba ang hatol ng mga pinuno? Ang hatol ba ninyo'y pantay at totoo?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[2]Hindi! Pagkat ang inyong binabalangkas pawang karahasa't gawaing di tama.

[3]Iyang masasama sa mula't mula pa, mula sa pagsilang ay sinungaling na.

[4]Sila'y makamandag, ahas ang kaparis, katulad ay kobrang ang tainga ay may takip;

[5]itong mga tawak at salamangkero, di niya dinirinig, hindi pansin ito.

[6]Bungiin ang ngipin nila, O Panginoon, alisin ang pangil niyong mga leon.

[7]Itapon mo silang katulad ng tubig, sa daa'y duruging parang mga yagit.

[8]Parang mga susô, sa dumi magwakas, batang di nabuhay sa sangmaliwanag.

[9]Puputulin silang hindi nila batid, itatapon ng Diyos sa tindi ng galit; bagaman buháy pa'y iyon na ang sinapit.

[10]Ang mga matuwid nama'y magagalak kung ang masasama'y parusahang ganap; pagkakita nila sa dugong dumanak, hindi mangingiming doon na tumahak.

[11]Saka sasabihin ng mga nilalang, “Ang mga matuwid ay gantimpalaan; tunay ngang may Diyos, na hukom ng lahat!”

## Mga Awit 59

**Panalangin Upang Ingatan ng Diyos**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit: ayon sa tono ng “Huwag Mong Sirain”. Isang Miktam, nang pamanmanan ni Saul ang kanyang bahay upang siya'y mapatay.*

[1]Sa aking kaaway, iligtas mo ako, O aking Diyos; ingatan mo ako kapag sila'y lumusob.

[2]Sa masamang tao, ako ay iligtas, at sa pumapatay agawin mo ako at iyong ingatan.

[3]Sila'y nag-aabang, pagmasdan mo yaong taong mababagsik; nagtipo't ang layon ako ay iligpit. Ang dahilan nito, di dahil sa ako'y may pagkakamali,

[4]o may pagkukulang na ako ang sanhi; O Diyos, masdan sila at nagdudumali.

[5]Tulungan mo ako, Yahweh, Makapangyarihang Diyos. Ikaw ang magmasid, O Diyos ng Israel! Ikaw ay gumising, at ang mga bansa'y iyong parusahan; yaong mga taksil, huwag mong kahabagan. (Selah)

[6]Pagdating ng gabi, sila'y nagbabalik sa loob ng lunsod; asong kumakahol ang nakakatulad habang naglilibot.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Dinggin ang salita't parang mga tabak ang dila ng bibig! Ngunit nagtatanong: “Sa amin ay sino ang makikinig?”

8Ngunit ikaw, Yahweh, tinatawanan mo't iyong kinukutya; gayon ang gawa mo sa may salang bansa.

9Ikaw, Panginoon, ang aking Diyos, aking kalakasan; ikaw ang muog ko at aking kanlungan.

10Ako'y minamahal, mahal ako ng Diyos, ako'y lalapitan upang ipamalas ang kanyang paglupig sa mga kaaway.

11Huwag mong papatayin, nang di malimutan ng iyong mga lingkod. Sa taglay mong lakas pangalatin sila at iyong isabog; ikaw ang sanggalang, Yahweh, aming Diyos.

12Sa kanilang labi'y pawang kasamaan ang namumutawi; sa pagmamataas, ang aking dalangin, sila ay mahuli, pagkat sinungaling at sa pangungutya, sila'y nawiwili.

13Wasakin mong lubos, dahil sa iyong galit, ganap mong wasakin; dito malalaman ng lahat, na ika'y hari ng Israel, at sa sansinukob ikaw ang hari din. (Selah)

14Pagdating ng gabi, sila'y nagbabalik sa loob ng lunsod; asong kumakahol ang nakakatulad habang naglilibot.

15Animo'y lagalag, lakad lang nang lakad, pagkain ang hanap; hindi masiyahan, kapag ang nakuha nila'y hindi sapat.

16Ngunit aawit ako, pagkat ang taglay mo'y pambihirang lakas, sa tuwing umaga ang aawitin ko'y pag-ibig mong wagas; pagkat ika'y muog, sa buhay kong ito, at aking kanlungan kapag lugmok ako.

17Pupurihin kita, tagapagtanggol ko at aking kanlungan, Diyos kong mapagmahal.

## Mga Awit 60

**Panalangin Upang Iligtas**

*Upang Awitin ng Punong Mang-aawit: ayon sa tono ng Shushan Eduth. Isang Miktam ni David, upang magamit sa pagtuturo, nang siya'y nakikipagdigma laban sa mga Arameong mula sa Naharaim at Zoba, at nang mapatay ni Joab sa kanyang pagbabalik ang 12,000 Edomita sa Libis ng Asin.*

1Kami'y iyong itinakwil, O Diyos, kami ay nilupig, kami sana'y balikan mo kung ikaw man ay nagalit.

2Yaong lupang sinaktan mo'y nanginginig na lupain, bago lubos na mawasak, gamutin mo't pagalingin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Labis na ang paghihirap nitong iyong mga lingkod, lasing kami't langung-
lango sa alak na iyong dulot.

4Silang mga sumasamba, O Diyos, iyong hinudyatan, upang sila'y makatakas
sa kamay nitong kalaban. (Selah)

5Ang dalangin nami'y dinggin, sa lakas mo ay iligtas, upang sila na mahal
mo'y mahango sa paghihirap.

6Sinabi nga nitong Diyos mula sa dako niyang banal, “Hahatiin ko ang
Shekem tanda ng pagtatagumpay; ibibigay ko ang Sucot sa lingkod ko't mga
hirang.

7Ang Gilead at Manases, ang lugar na yao'y akin; ang helmet na gagawin ko
ay ang dako ng Efraim; samantalang itong Juda ay setrong dadakilain.

8Yaong bansa nitong Moab ay gagawin kong hugasan, samantalang itong
Edom ay lupa kong tatapakan; at sa Filistia, tagumpay ko'y ipagsisigawan.”

9Sa lunsod na kinutaan, sino'ng kasama, Panginoon? Sino kayang
magdadala sa akin sa lupang Edom?

10Itinakwil mo ba kami, kami ba ay iniwan na? Paano ang hukbo namin, sino
ngayon ang sasama?

11O Diyos, kami'y tulungan mo, laban sa aming kaaway, pagkat ang tulong
ng tao ay wala nang kabuluhan;

12Kung ang Diyos ang kasama, kasama sa panig namin, matatamo ang
tagumpay, ang kaaway tatalunin.

## Mga Awit 61

**Panalangin Upang Ingatan ng Diyos**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit: sa saliw ng mga instrumentong may kuwerdas.*

1Dinggin mo, O Diyos, ang aking dalangin; inyo pong pakinggan, ang aking
hinaing!

2Tumatawag ako dahilan sa lumbay, sapagkat malayo ako sa tahanan. Iligtas
mo ako, ako ay ingatan,

3pagkat ikaw, O Diyos, ang aking kanlungan, matibay na muog laban sa
kaaway.

4Sa inyo pong tolda, ako ay payagan na doon tumira habang nabubuhay; sa
lilim ng iyong bagwis na malakas, ingatan mo ako nang gayo'y maligtas.
(Selah)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5 Lahat kong pangako, O Diyos, iyong alam at abâ mong lingkod, tunay na binigyan ng mga pamana na iyong inilaan sa nagpaparangal sa iyong pangalan.

6 Ang buhay ng hari sana'y pahabain; bayaang ang buhay niya'y patagalin!

7 Paghahari niya sa iyong harapan, sana'y magpatuloy habang nabubuhay; kaya naman siya ay iyong lukuban ng iyong pag-ibig na walang kapantay.

8 At kung magkagayon, kita'y aawitan, ako'y maghahandog sa iyo araw-araw.

## Mga Awit 62

**Pagtitiwala sa Pag-iingat ng Diyos**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit na si Jeduthun.*

1 Tanging sa Diyos lamang ako ay aasa; ang kaligtasa'y nagbubuhat sa kanya.

2 Tanging siya lamang ang tagapagligtas, tagapagtanggol ko at aking kalasag; akin ang tagumpay sa lahat ng oras!

3 Hanggang kailan ba ninyo lulupigin ang sinuman na nais ninyong patayin? Tulad ng isang pader siya'y ibagsak, gaya ng bakod siya'y mawawasak.

4 Nais lamang ninyong siya ay siraan, sa inyong adhikang ibaba ang dangal; ang magsinungaling, inyong kasiyahan. Pangungusap ninyo, kunwa'y pagpapala, subalit sa puso'y inyong sinusumpa. (Selah)

5 Tanging sa Diyos lang ako umaasa; ang aking pag-asa'y tanging nasa kanya.

6 Tanging siya lamang ang tagapagligtas, tagapagtanggol ko at aking kalasag; akin ang tagumpay sa lahat ng oras!

7 Ang kaligtasan ko't aking karangalan ay buhat sa Diyos, nasa kanya lamang. Siya'y malakas kong tagapagsanggalang, matibay na muog na aking kanlungan.

8 Mga kababayan, sa lahat ng oras magtiwala sa Diyos; sa kanya ilagak ang inyong pasaning ngayo'y dinaranas; siya ang kublihang may dulot na lunas. (Selah)

9 Ang taong nilalang ay katulad lamang ng ating hiningang madaling mapatid. Pagsamahin mo ma't dalhin sa timbangan, katumbas na bigat ay hininga lamang.

10 Huwag kang magtiwala sa gawang marahas, ni sa panghaharang, umasang uunlad; kahit umunlad pa ang iyong kabuhayan ang lahat ng ito'y di dapat asahan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Hindi na miminsang aking napakinggan na taglay ng Diyos ang kapangyarihan,

12at di magbabago kanyang pagmamahal. Ayon sa ginawa ng sinumang tao, doon nababatay ang gantimpala mo.

## Mga Awit 63

**Pananabik sa Presensya ng Diyos**

*Awit ni David, nang siya'y nasa ilang ng Juda.*

1O Diyos, ikaw ang aking Diyos na lagi kong hinahanap; ang uhaw kong kaluluwa'y tanging ikaw nga ang hangad; para akong tuyong lupa na tubig ang siyang lunas.

2Hayaan mong sa santuwaryo ika'y aking mapagmasdan, at ang likas mong kaluwalhatian at kapangyarihan.

3Ang wagas na pag-ibig mo'y mainam pa kaysa buhay, kaya pupurihin kita, O Diyos, at pararangalan.

4Habang ako'y nabubuhay, ako'y magpapasalamat, at ako ay dadalangin na kamay ko'y nakataas.

5Itong aking kaluluwa'y tunay na masisiyahan, magagalak na umawit ng papuring iaalay.

6Laman ka ng gunita ko samantalang nahihimlay, magdamag na ang palaging iniisip ko ay ikaw;

7ikaw ang sa aki'y tumutulong sa tuwina, kaya sa iyong pagkupkop ligaya kong awitan ka.

8Itong aking kaluluwa'y sa iyo lang nananalig, kaligtasan ko'y tiyak, dahil sa iyo'y nakasandig.

9Ngunit silang nagbabantang kumitil sa aking buhay, sila nga ang masasadlak sa malamig na libingan.

10Mamamatay silang lahat sa larangan ng digmaan, kakanin ng asong-gubat ang kanilang mga bangkay.

11Dahilan sa iyo, O Diyos, ang hari ay magdiriwang, kasama ng mga tapat magpupuring walang hanggan. Ngunit silang sinungaling, bibig nila ay tatakpan.

## Mga Awit 64

**Panalangin Upang Ingatan ng Diyos**

*Awit ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1O Diyos, ang hibik ko, ang aking dalangin sana ay pakinggan, sa pagkaligalig dahil sa kaaway, huwag akong hayaan;

2ipagtanggol ako sa mga pakana't lihim na sabwatan, niyong mga pangkat na ang binabalak pawang kasamaan.

3Ang kanilang dila'y katulad ng tabak na napakatalas, tulad ng palasong iniaasinta kung sila'y mangusap.

4Sa kublihan nila, sila'y nag-aabang sa mabuting tao, at walang awa nilang tinutudla sa pagdaan nito.

5Sa gawang masama ay nagsasabwatan, nag-uusap sila, kung saan dadalhin ang patibong nilang di dapat makita.

6At ang sasabihin pagkatapos nilang makapagbalangkas, “Ayos na ayos na itong kasamaang ating binabalak.” Damdamin ng tao at ang isip niya'y mahiwagang ganap!

7Subalit ang Diyos na may palaso ri'y di magpapabaya, walang abug-abog sila'y tutudlai't susugatang bigla.

8Dahilan sa sila'y masamang nangungusap, kaya wawasakin, at ang makakita sa gayong sinapit sila'y sisisihin;

9yaong nakakita'y sisidlan ng takot, ipamamalita ang gawa ni Yahweh at isasaisip ang kanyang ginawa.

10Sa gawa ni Yahweh, ang mga matuwid pawang magagalak, magpupuri sila at sa piling niya ay mapapanatag.

## Mga Awit 65

### Pagpupuri at Pagpapasalamat

*Awit ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1Marapat na ikaw, O Diyos, sa Zion ay papurihan, dapat nilang tupdin doon ang pangakong binitiwan,

2pagkat yaong panalangin nila'y iyong dinirinig. Dahilan sa kasalanan, lahat sa iyo ay lalapit.

3Bunga nitong pagkukulang, kaya kami nalulupig, gayon pa man, patawad mo'y amin pa ring nakakamit.

4Silang mga hinirang mo, upang sa templo manahan, silang mga pinili mo'y mapalad na tuturingan! Magagalak kaming lubos sa loob ng templong banal, dahilan sa dulot nitong pagpapala sa nilalang.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Kami'y iyong dinirinig, Tagapagligtas naming Diyos, sa kahanga-hangang gawa, kami'y iyong tinutubos. Kahit sino sa daigdig, sa ibayong karagatan, may tiwala silang lahat sa taglay mong kabutihan.

6Sa taglay mong kalakasan, mga bundok tumatatag; dakila ka't ang lakas mo ay sa gawa nahahayag!

7Ang ugong ng karagatan, iyong pinatatahimik, pati along malalaki sa panahong nagngangalit; maging mga kaguluhan nilang mga nagagalit.

8Dahilan sa ginawa mong mga bagay na dakila, natatakot ang daigdig, at ang buong sangnilikha. Bunga nitong ginawa mo, sa galak ay sumisigaw, buong mundo, kahit saang sulok nitong daigdigan.

9Umuulan sa lupain, ganito mo kinalinga, umuunlad ang lupai't tumataba yaong lupa. Patuloy na umaagos ang bigay mong mga batis, sa halamang nasa lupa, ay ito ang dumidilig; ganito ang ginawa mo na hindi mo ikinait.

10Sa binungkal na bukirin ang ulan ay masagana, ang bukirin ay matubig, at palaging basang-basa; sa banayad na pag-ulan ay lumambot yaong lupa, kaya naman pati tanim ay malago at sariwa.

11Nag-aani nang marami sa tulong mong ginagawa, at saanman magpunta ka'y masaganang-masagana.

12Ang pastula'y punung-puno ng matabang mga kawan, naghahari yaong galak sa lahat ng kaburulan.

13Gumagala yaong tupa sa gitna ng kaparangan, at hitik na hitik naman ang trigo sa kapatagan. Ang lahat ay umaawit, sa galak ay sumisigaw!

## Mga Awit 66

**Awit ng Pagpupuri at Pasasalamat**

*Isang Awit na kinatha para sa Punong Mang-aawit.*

1Sumigaw sa galak ang mga nilalang!

2At purihin ang Diyos na may kagalakan; wagas na papuri sa kanya'y ibigay! Awitan siya't luwalhatiin siya!

3Ito ang sabihin sa Diyos na Dakila: “Ang mga gawa mo ay kahanga-hanga; yuyuko sa takot ang mga kaaway, dahilan sa taglay mong kapangyarihan.

4Ang lahat sa lupa ika'y sinasamba, awit ng papuri yaong kinakanta; ang iyong pangala'y pinupuri nila.” (Selah)

5Ang ginawa ng Diyos, lapit at pagmasdan, ang kahanga-hangang ginawa sa tanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Naging tuyong lupa kahit na karagatan, mga ninuno nati'y doon dumaan;
doo'y naramdaman labis na kagalakan.

7Makapangyarihang hari kailanman, siya'y nagmamasid magpakailanman;
kaya huwag magtatangkang sa kanya'y lumaban. (Selah)

8Ang lahat ng bansa'y magpuri sa Diyos, inyong iparinig papuring malugod.

9Iningatan niya tayong pawang buháy, di tayo bumagsak, di niya binayaan!

10O Diyos, sinubok mo ang iyong mga hirang, sinubok mo kami upang
dumalisay; at tulad ng pilak, kami'y idinarang.

11Iyong binayaang mahulog sa bitag, at pinagdala mo kami nang mabigat.

12Sa mga kaaway ipinaubaya, sinubok mo kami sa apoy at baha, bago mo
dinala sa dakong payapa.

13Ako'y maghahandog sa banal mong templo ng aking pangako na handog
sa iyo.

14Pati pangako ko, nang may suliranin, ay ibibigay ko, sa iyo dadalhin.

15Natatanging handog ang iaalay ko; susunuging tupa, kambing, saka toro,
mababangong samyo, halimuyak nito. (Selah)

16Lapit at makinig, ang nagpaparangal sa Diyos, at sa inyo'y aking isasaysay
ang kanyang ginawang mga kabutihan.

17Ako ay tumawag, sa Diyos ay nagpuri, kanyang karangalan, aking sinasabi.

18Kung sa kasalanan ako'y magpatuloy, di sana ako dininig ng ating
Panginoon.

19Ngunit tunay akong dininig ng Diyos, sa aking dalangin, ako ay sinagot.

20Purihin ang Diyos! Siya'y papurihan, pagkat ang daing ko'y kanyang
pinakinggan, at ang pag-ibig niya sa aki'y walang katapusan.

## Mga Awit 67

**Awit ng Pagpapasalamat**

*Isang Awit na kinatha upang awitin ng Punong Mang-aawit: sa saliw ng mga instrumentong may kuwerdas.*

1O Diyos, pagpalain kami't kahabagan, kami Panginoo'y iyong kaawaan,
(Selah)

2upang sa daigdig mabatid ng lahat ang iyong kalooban at ang pagliligtas.

3Purihin ka nawa ng lahat ng tao, purihin ka nila sa lahat ng dako.

4Nawa'y purihin ka ng mga nilikha, pagkat matuwid kang humatol sa madla;
ikaw ang patnubay ng lahat ng bansa. (Selah)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Purihin ka nawa ng lahat ng tao, purihin ka nila sa lahat ng dako.

6Nag-aning mabuti ang mga lupain, pinagpala kami ni Yahweh, Diyos namin!

7Magpatuloy nawa iyong pagpapala upang igalang ka ng lahat ng bansa.

## Mga Awit 68

**Pambansang Awit ng Pagtatagumpay**

*Awit na katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1Magbangon ka, O Diyos, kaaway ay pangalatin, at ang mga namumuhi'y
tumakas sa kanyang piling!

2Kung paanong yaong usok tinatangay noong hangin, gayon sila itataboy,
gayon sila papaalisin; at kung paanong kandila sa apoy ay natutunaw, sa
harap ng Panginoon ang masama ay papanaw.

3Ngunit lahat magagalak, matutuwa ang matuwid; sa harapan nitong Diyos,
galak nila'y di malirip.

4Awitan natin ang Diyos, purihin ang kanyang ngalan, maghanda ng isang
landas upang kanyang maraanan; ang pangalan niyang Yahweh, magalak
na papurihan.

5Ang Diyos na naroroon sa tahanan niyang templo, tumitingin sa ulila't
sanggalang ng mga balo.

6May tahanan siyang laan sa sinumang nalulungkot, ang bilanggo'y
hinahango upang sila ay malugod; samantalang ang tirahan ng suwail ay
malungkot.

7Diyos, nang ang iyong mga lingkod samahan sa paglalakbay, sa pagbagtas
sa malawak na lupaing mga ilang, (Selah)

8ang lupa ay nayayanig, bumubuhos pati ulan; ganito ang nangyayari kapag
ika'y dumaratal. Maging ang bundok ng Sinai, nayanig din sa pagdating, nang
dumating na si Yahweh, itong Diyos ng Israel.

9Dahil sa iyo, yaong ulang masagana ay pumatak, lupain mong natuyo na'y
nanariwa at umunlad.

10At doon mo pinatira yaong iyong mga lingkod, ang mahirap nilang buhay sa
pagpapala'y pinuspos.

11May utos na pinalabas na si Yahweh ang nagbigay, ang nagdala ng balita
ay babaing karamihan;

12ang balitang sinasabi: “Nang dahil sa takot, mga hari't hukbo nila'y
tumatakas sa labanan!” Kaya ang mga babae na ang nagparte ng samsam.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[13]Para silang kalapati, nararamtan noong pilak, parang gintong kumikinang kapag gumalaw yaong pakpak;

(Bakit mayro'ng sa kulungan ng tupa napasadlak?)

[14]Mga haring nagsitakas pagsapit ng Bundok Zalmon, ang yelo ay pinapatak ni Yahweh sa dakong iyon.

[15]O kay laki niyong bundok, yaong bundok nitong Bashan; ito'y bundok na kay raming taluktok na tinataglay.

[16]Sa taluktok mong mataas, bakit kinukutya wari yaong bundok na maliit na ang Diyos ang pumili? Doon siya mananahan upang doon mamalagi.

[17]Ang kasama'y libu-libong matitibay na sasakyan, galing Sinai, si Yahweh ay darating sa dakong banal.

[18]At sa dakong matataas doon siya nagpupunta, umaahon siya roon, mga bihag ang kasama; kaloob mang nagbubuhat sa tauhang nag-aalsa, tinatanggap ng PANGINOONG Yahweh na doon na tumitira.

[19]Purihin ang Panginoon, ang Diyos nating nagliligtas, dinadala araw-araw, ang pasanin nating hawak. (Selah)

[20]Ang ating Diyos ay isang Diyos na ang gawa ay magligtas, si Yahweh ang Panginoon, Panginoon nating lahat! Sa bingit ng kamataya'y hinahango tayo agad.

[21]Mga ulo ng kaaway ay babasagin ng Diyos, kapag sila ay nagpilit sa kanilang gawang buktot.

[22]Si Yahweh ang nagsalita: “Ibabalik ko sa iyo kaaway na nasa Bashan; hahanguin ko nga sila sa gitna ng karagatan,

[23]upang kayo'y magtampisaw sa dugo na bubuhos, sa dugo nilang yaon, pati aso ay hihimod.”

[24]Mamamasdan ng marami ang lakad mong matagumpay, pagpasok ng Diyos kong hari, sa may dako niyang banal.

[25]Sa unaha'y umaawit, tumutugtog sa hulihan, sa gitna'y nagtatamburin ang babaing karamihan.

[26]“Ang Diyos ay papurihan, kung magtipong sama-sama, buong lahi ng Israel papurihan ninyo siya!”

[27]Yaong lahi ni Benjamin, maliit ma'y nangunguna, kasunod ay mga puno at pulutong nitong Juda; mga puno ng Zebulun at Neftali'y kasunod na.

[28]Sana'y iyong ipadama ang taglay mong kalakasan, ang lakas na ginamit mo noong kami'y isanggalang.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29Magmula sa Jerusalem, sa iyong tahanang templo, na pati ang mga hari doo'y naghahandog sa iyo,

30pagwikaan mo ang hayop, ang mailap na Egipto; sabihan ang mga bansang parang torong may bisiro; hanggang sila ay sumuko, maghandog ng pilak sa iyo. Ang lahat ng maibigin sa digmaa'y ikalat mo!

31Mula roon sa Egipto, mga sugo ay darating, ang Etiopia'y daup-palad na sa Diyos dadalangin.

32Umawit sa Panginoon ang lahat ng kaharian, awitin ang pagpupuri't si Yahweh ay papurihan! (Selah)

33Purihin ang naglalakbay sa matandang kalangitan; mula roo'y maririnig ang malakas niyang sigaw!

34Ipahayag ng balana, taglay niyang kalakasan, siya'y hari ng Israel, maghahari siyang tunay; ‘yang taglay niyang lakas ay buhat sa kalangitan.

35Kahanga-hanga ang Diyos sa santuwaryo niyang banal, siya ang Diyos ng Israel na sa tana'y nagbibigay ng kapangyariha't lakas na kanilang kailangan. Ang Diyos ay papurihan!

## Mga Awit 69

**Panalangin Upang Tulungan**

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit: ayon sa tono ng “Liryo”.*

1O Diyos! Iligtas mo, iahon sa tubig sa pagkalubog kong abot na sa leeg;

2lumulubog ako sa burak at putik, at sa malalaking along nagngangalit.

3Ako ay malat na sa aking pagtawag, ang lalamunan ko, damdam ko'y may sugat; pati ang mata ko'y di na maidilat, sa paghihintay ko sa iyong paglingap.

4Silang napopoot nang walang dahilan, higit na marami sa buhok kong taglay; mga sinungaling na nagpaparatang, ang hangad sa akin, ako ay mapatay. Ang pag-aari kong di naman ninakaw, nais nilang kuni't dapat daw ibigay.

5Batid mo, O Diyos, naging baliw ako, ako'y nagkasala, di pa lingid sa iyo.

6Huwag mo pong tulutan na dahil sa akin, ang nagtitiwala sa iyo'y hiyain; Yahweh, Makapangyarihang Panginoon ng Israel! Huwag mo ring itulot, bigyang kahihiyan ang nagsisisamba sa iyong pangalan.

7Ako ay nilait nang dahil sa iyo, napahiyang lubos sa kabiguan ko.

8Sa mga kapatid parang ako'y iba, kasambahay ko na'y di pa ako kilala.

9Ang malasakit ko sa iyong tahanan, matinding-matindi sa aking kalooban; ako ang nakaranas, paghamak sa iyong pangalan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Nagpapakumbaba akong nag-ayuno, at ako'y hinamak ng maraming tao;

11ang suot kong damit, na aking panluksa, ay pinagtawana't hinamak na lubha.

12Sa mga lansanga'y ako ang usapan, ang awit ng lasing sa aki'y pag-uyam.

13Ngunit sa ganang akin, ako'y dadalangin, sa iyo, O Yahweh, sana'y iyong dinggin sa mga panahon na iyong ibigin. Dahil sa dakilang pag-ibig sa akin, ang iyong pangakong pagtubos ay gawin.

14Iligtas mo ako, ako ay sagipin, sa putik na ito't tubig na malalim; sa mga kaaway, ako'y iligtas din.

15Huwag mong tulutang ako ay maanod, o dalhin sa malalim at baka malunod; hahantong sa libing, ako pagkatapos.

16Yahweh, sa buti mo't pag-ibig sa akin, sa aking pagtawag ako sana'y dinggin, sa pagkahahabag mo, ako ay lingapin.

17Ang iyong alipi'y huwag mong pagkublihan, ibsan mo na ako sa bigat ng pasan.

18Iligtas mo ako, ako ay lapitan; sagipin mo ako sa mga kaaway.

19Kinukutya ako, iya'y iyong alam, sinisiraang-puri't nilalapastangan; di lingid sa iyo, lahat kong kaaway.

20Puso ko'y durog na dahilan sa kutya, kaya naman ako'y wala nang magawâ; ang inasahan kong awa ay nawala, ni walang umaliw sa buhay kong abâ.

21Sa halip na pagkain, nang ako'y magutom, ang dulot sa aki'y mabagsik na lason. Suka at di tubig ang ipinainom.

22O bumagsak sana sila at masira, habang nagdiriwang sila't naghahanda.

23Bulagin mo sila't nang di makakita, papanghinain mo ang katawan nila.

24Ibuhos ang iyong galit sa kanila, bayaan mong ito'y kanilang madama.

25Mga kampo nila sana ay iwanan, at walang matira na isa mang buháy.

26Ang mga nagtamo ng iyong parusa, nilalait-lait, inuusig nila; pinag-uusapan sa tuwi-tuwina, ang sinugatan mo't hirap na sa dusa.

27Itala mong lahat ang kanilang sala, sa mangaliligtas, huwag silang isama.

28Sa aklat ng buhay, burahin ang ngalan, at huwag mong isama sa iyong talaan.

29Naghihirap ako't mahapdi ang sugat, O Diyos, ingatan mo, ako ay iligtas!

30Pupurihin ang Diyos, aking aawitan, dadakilain ko't pasasalamatan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

31Sa ganitong diwa ika'y nalulugod, higit pa sa haing torong ihahandog, higit pa sa bakang ipagkakaloob.

32Kung makita ito nitong mga dukha, sila ay sasamba sa laki ng tuwa.

33Dinirinig ng Diyos ang may kailangan, lingkod na bilanggo'y di nalilimutan.

34Ang Diyos ay purihin ng langit at lupa, maging karagata't naroong nilikha!

35Ang Lunsod ng Zion, kanyang ililigtas, bayang nasa Juda'y muling itatatag; doon mananahan ang mga hinirang, ang lupain doo'y aariing tunay.

36Magmamana nito'y yaong lahi nila, may pag-ibig sa Diyos ang doo'y titira.

## Mga Awit 70

**Panalangin Upang Tulungan ng Diyos**

(Awit 40:13-17)

*Katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit. Inaawit tuwing mag-aalay ng handog pang-alaala.*

1Iligtas mo ako ngayon, Yahweh, ako ay iligtas, tulungan mo ako, O Diyos, nang di mapahamak!

2Mga taong nagtatangkang kumitil sa aking buhay, bayaan mong mangalito't mag-ani ng kabiguan; iyon namang natutuwa sa taglay kong kahirapan, bayaan mong mapahiya at magapi ng kalaban.

3Sila namang ang layunin ay magtawa at mangutya, sa kanilang pagkatalo, bayaan ding mapahiya.

4Ang lahat ng lumalapit sa iyo ay magkatuwa, gayon din ang nagmamahal sa pagtubos mong ginawa, at sabihing lagi nila: “O Diyos, ikaw ay dakila!”

5Lubos akong naghihirap, tunay na nanghihina, lumapit ka sana agad, O Diyos, sana'y lumapit ka; O aking tagapagligtas, katulong ko sa tuwina, huwag mo akong paghintayin, Yahweh, sana'y mahabag ka!

## Mga Awit 71

**Panalangin ng Isang Matanda Na**

1Sa iyo lang, Panginoon, lubos akong nananalig, huwag mo akong pabayaang mapahiya at malupig.

2Tulungan mo po ako sapagkat ikaw ay matuwid, ako sana ay sagipin, sa daing ko ay makinig.

3Ikaw nawa ang muog ko, aking ligtas na kanlungan, matatag na kublihan ko at matibay na sanggalang.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Sa lahat ng masasama, O Diyos, ako'y ipaglaban, sa kuko ng mababagsik,
huwag mo akong pabayaan.

5Panginoon, sa iyo ko inilagak ang pag-asa, maliit pang bata ako, sa iyo'y
may tiwala na.

6Sa simula at mula pa wala akong inasahang sa akin ay mag-iingat, kundi
tanging ikaw lamang; kaya naman ikaw, Yahweh, pupurihin araw-araw.

7Sa marami ang buhay ko ay buhay na mahiwaga, malakas kang katulong ko
na di nila maunawa;

8kaya ako'y nagpupuri, nagpupuri buong araw, akin ngayong ihahayag ang
taglay mong karangalan.

9Ngayong ako'y matanda na huwag mo akong pabayaan, katawan ko'y
mahina na kaya ako'y huwag iiwan.

10Ang lahat ng kaaway ko, nais ako ay patayin, ang palaging balak nila ay
ako ang kalabanin.

11Ang kanilang sinasabi, ako raw ay iniwanan, iniwan na ako ng Diyos, kaya
nila sinusundan; ako raw ay mabibihag dahil wala nang sanggalang.

12Panginoon at aking Diyos, huwag mo akong lalayuan, lumapit ka sa piling
ko't ako ngayon ay tulungan!

13Nawa silang naghahangad na ako ay salakayin, lahat sila ay mawasak, at
mabigo ang layunin! Maging yaong mga taong tanging nais ako'y saktan,
mapahamak sanang lahat, mag-ani ng kahihiyan.

14Ako naman, samantala ay patuloy na aasa, patuloy na magpupuri,
pupurihin ka tuwina.

15Pagkat ikaw ay dakila, patuloy kong isasaysay, maghapon kong ihahayag
ang dulot mong kaligtasan; hindi ko man nalalaman kung paanong ito'y
gawin.

16Pagkat ikaw, Panginoong Yahweh, malakas at makatuwiran, ihahayag ko
sa madla, katangiang iyo lamang.

17Mula pa sa pagkabata ako'y iyong tinuruan, hanggang ngayo'y hinahayag
ang gawa mong kabutihan.

18Matanda na't puti na ang aking buhok, huwag akong iiwanan, ang samo ko
sa iyo, O Diyos. Hayaan mong ihayag ko ang lakas mong tinataglay,
samahan sa bawat lahing sa daigdig ay lilitaw.

19Dakila ka, Panginoon, matuwid ka hanggang langit, dakila ang ginawa mo
at wala kang makaparis.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Kahit na nga dinanas ko ang hirap at madlang sakit, subalit ang aking lakas ay muli mong ibinalik, upang ako'y di tuluyang sa libingan ay mabulid.

[21]Tutulungan mo po ako at karangala'y dadagdagan, ako'y muli mong aliwin; iahon sa kahirapan.

[22]Tutugtugin ko ang alpa't pupurihin kitang tunay, pupurihin kita, O Diyos, dahil sa iyong katapatan. Mga imno ng papuri sa alpa ko'y tutugtugin, iuukol ko ang tugtog sa iyo, Banal na Diyos ng Israel.

[23]Habang ako'y tumutugtog ay sisigaw na may galak, masigla kong aawiting: “Ako'y iyong iniligtas.”

[24]Maghapon kong isasaysay, O Diyos, ang iyong katarungan, yamang lahat na nagtangka, sa lingkod mo ay nasaktan, lahat sila ay nabigo't humantong sa kahihiyan.

## Mga Awit 72

### Panalangin para sa Hari

*Katha ni Solomon.*

[1]Turuan mo po ang haring humatol nang makat'wiran, sa taglay mong katarungan, O Diyos, siya'y bahaginan;

[2]nang matuwid na tuparin tungkulin sa iyong bayan, at pati sa mahihirap maging tapat siyang tunay.

[3]Ang lupain nawa niya'y umunlad at managana; maghari ang katarungan sa lupain nitong bansa.

[4]Maging tapat itong hari sa paghatol sa mahirap, mga nangangailangan, pag-ukulan ng paglingap; at ang nang-aapi ay lupigin at ibagsak.

[5]Nawa sila ay maglingkod, silang lahat mong hinirang, hangga't araw sumisikat, hangga't buwa'y sumisilang.

[6]Ang hari sana'y matulad sa ulan ng kaparangan; bumubuhos, dumidilig sa lahat ng nabubuhay.

[7]At ang buhay na matuwid sa kanyang kapanahunan, maghari sa bansa niya't umunlad kailanpaman.

[8]Nawa kanyang kaharian ay lubusan ngang lumawak, mula sa Ilog Eufrates, sa daigdig ay kakalat.

[9]Sa harap niya ay susuko mga taong nasa ilang; isubsob nga sa lupa, lahat ng kanyang kaaway.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Mga haring nasa pulo at naroon sa Espanya, maghahandog ng kaloob upang parangalan siya. Pati rin ang mga hari ng Arabia at Etiopia, may mga kaloob ding ibibigay sa kanya.

11Ang lahat ng mga hari, gagalang sa harap niya, mga bansa'y magpupuri't maglilingkod sa tuwina.

12Kanyang inililigtas ang mga dukhang tumatawag, lalo na ang nalimutan, mga taong mahihirap;

13sa ganitong mga tao siya'y lubhang nahahabag; sa kanila tumutulong, upang sila ay maligtas.

14Inaagaw niya sila sa kamay ng mararahas, sa kanya ang buhay nila'y mahalagang hindi hamak.

15Pagpalain itong hari! Siya nawa ay mabuhay! At magbuhat sa Arabia'y magtamo ng gintong-yaman; sa tuwina siya nawa'y idalangin nitong bayan, kalingain nawa ng Diyos, pagpalain habang buhay.

16Sa lupai'y sumagana nawang lagi ang pagkain; ang lahat ng kaburulan ay mapuno ng pananim at matulad sa Lebanon na mauunlad ang lupain. At ang kanyang mga lunsod, dumami ang mamamayan, sindami ng mga damong tumubo sa kaparangan.

17Nawa ang kanyang pangalan ay huwag nang malimutan, manatiling bantog hangga't sumisikat itong araw. Nawa siya ay purihin ng lahat ng mga bansa, at sa Diyos, silang lahat dumalanging: “Harinawa, pagpalain kaming lahat, tulad niyang pinagpala.”

18Si Yahweh, Diyos ng Israel, purihin ng taong madla; ang kahanga-hangang bagay tanging siya ang may gawa.

19Ang dakilang ngalan niya ay purihin kailanman, at siya ay dakilain nitong buong sanlibutan! Amen! Amen!

20Ito ang wakas ng mga dalangin ni David, na anak ni Jesse.

## Mga Awit 73

**IKATLONG AKLAT**
***(Mga Awit 73–89)***
**Ang Katarungan ng Diyos**

*Awit ni Asaf.*

1Kay buti ng Diyos sa taong matuwid, sa lahat ng taong ang puso'y malinis.

2Ngunit ang sarili'y halos bumagsak, sa paghakbang ko'y muntik nang madulas!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Sa taong mayabang, ako'y naiinggit nga, at sa biglang yaman ng mga masama.

4Ni hindi nagdanas ng anumang hirap, sila'y masisigla't katawa'y malakas.

5Di tulad ng ibang naghirap nang labis, di nila dinanas ang buhay na gipit.

6Ang pagmamalaki ay kinukuwintas, at ang dinaramit nila'y pandarahas.

7Ang tibok ng puso'y pawang kasamaan, at masasama rin ang nasa isipan;

8mga ibang tao'y pinagtatawanan, ang yayabang nila, ang layon sa buhay ay ang pang-aapi sa kapwa nilalang.

9Diyos mang nasa langit ay tinutungayaw, labis kung mag-utos sa mga nilalang;

10kaya sumusunod pati lingkod ng Diyos, anumang sabihi'y paniwalang lubos.

11Ang sabi, “Ang Diyos walang nalalaman, walang malay yaong Kataas-taasan.”

12Ang mga masama'y ito ang kagaya, di na kinukulang ay naghahanap pa.

13Samantalang ako, malinis ang palad, hindi nagkasala't lubos na nag-ingat, at aking natamo'y kabiguang lahat.

14Diyos, pinagtiis mo ako ng hirap, sa tuwing umaga'y parusa ang gawad.

15Kung ang mga ito'y aking sasabihin, sa mga lingkod mo, ako'y magtataksil;

16kaya't sinikap kong ito'y saliksikin, mahirap-hirap mang ito'y unawain.

17Gayunman, sa templo'y doon ko natuklas, na ang masasama ay mapapahamak;

18dinala mo sila sa dakong madulas, upang malubos na, kanilang pagbagsak;

19walang abug-abog sila ay nawasak, kakila-kilabot yaong naging wakas!

20Parang panaginip nang ako'y magising, pati anyo nila'y nalimutan na rin.

21Nang ang aking isip hindi mapalagay, at ang damdamin ko'y labis na nasaktan,

22di ko maunawa, para akong tanga, sa iyong harapa'y hayop ang kagaya.

23Gayon pa ma'y sinasamahan mo ako, sa aking paglakad ay inaakay mo.

24Ang mga payo mo'y umakay sa akin, marangal na ako'y iyong tatanggapin.

25Sino pa sa langit, kundi ikaw lamang, at maging sa lupa'y, aking kailangan?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Puso ko't kaluluwa kung nanghihina man, ang Diyos ang lakas kong tanging kailangan.

27Yaong hihiwalay sa iyo'y mamamatay, at ang nagtataksil wawasaking tunay.

28Ngunit sa sarili, tanging hangarin ko, sa piling ng Diyos manatili ako! Sa piling ng Panginoong Yahweh, ako'y mapanatag, ang kanyang ginawa'y aking ihahayag.

## Mga Awit 74

**Panalangin Upang Iligtas ang Buong Bansa**

*Isang Maskil ni Asaf.*

1Panginoon, bakit kami'y itinakwil habang buhay? Bakit ka ba nagagalit sa tupa ng iyong kawan?

2Iyo sanang gunitain ang tinipon mo no'ng una, itong lahing tinubos mo't itinakda na magmana; pati ang Zion na iyong dating tirahan.

3Lapitan mo ang naiwan sa winasak ng kaaway. Ang guho ng santuwaryo mo na sinira nang lubusan.

4Ang loob ng iyong templo'y hindi nila iginalang, sumisigaw na nagtayo ng kanilang diyus-diyosan.

5Ang lahat ng nasa loob na yari sa mga kahoy, magmula sa pintuan mo'y sinibak at pinalakol.

6Ang lahat ng inukitang mga kahoy sa paligid, pinalakol at dinurog ng kaaway na malupit.

7Ang iyong banal na santuwaryo ay kanilang sinigaan, nilapastangan nila't winasak ang templong banal.

8Sa kanilang pag-uusap ay nagpasya ng ganito, "Hindi natin sila titigilan hanggang di pa natatalo;" kaya sa buong lupain, ang tagpuan ng bayan mo, para ikaw ay sambahin, sinunog at naging abo.

9Wala kaming pangitain, ni propetang naglilingkod, ang ganitong kalagaya'y hindi namin maunawaan, hindi namin nalalaman kung kailan matatapos.

10Hanggang kailan, aming Diyos, magtatawa ang kaaway, ang paghamak nila sa iyo, ito ba ay walang hanggan?

11Huwag mo nang pipigilan, gamitin mo ang iyong bisig, kanang kamay mo'y ikilos, kaaway mo ay iligpit.

12Simula pa noong una ikaw na ang aming Hari, O Diyos. Sa daigdig ay maraming iniligtas ka't tinubos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Sa lakas na iyong taglay hinati mo yaong dagat, at ang mga naroroong dambuhala ay inutas;

14ikaw na rin ang dumurog sa mga ulo ng Leviatan, at ginawa mong pagkain ng mga nilikhang nasa ilang.

15Mga batis, mga bukal, ikaw rin ang nagpadaloy, ginawa mong tuyong lupa ang maraming ilog doon.

16Nilikha mo yaong araw, nilikha mo pati gabi, nilikha mo yaong araw, buwa't talang anong dami.

17Ang hangganan ng daigdig ay ikaw rin ang naglagay, at ikaw rin ang lumikha ng taglamig at tag-araw.

18Ngunit iyong gunitaing nagtatawa ang kaaway, yaong mga masasama'y dumudusta sa iyong ngalan;

19huwag mo sanang tutulutan na ang iyong mga lingkod maiwan sa kaaway na ang kamay walang taros, sa kanilang pagdurusa'y gunitain silang lubos.

20Yaong tipang ginawa mo ay huwag mong lilimutin, ang masama'y naglipana sa pook na madidilim, laganap ang karahasan kahit saan sa lupain!

21Huwag mo sanang itutulot na ang api'y mapahiya, bayaan mong ang ngalan mo'y purihin ng dukha't abâ.

22Kami'y iyong ipaglaban, aming Diyos, bumangon ka! Pagmasdan mo yaong hangal na maghapong nagtatawa.

23Ang hangarin ng kaaway ay huwag mong lilimutin, ang sigaw ng kaaway mo'y patuloy at walang tigil.

## Mga Awit 75

**Diyos ang Siyang Huhusga**

*Isang Awit na katha ni Asaf upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1Salamat, O Diyos, maraming salamat, sa iyong pangalan kami'y tumatawag, upang gunitain sa lahat ng oras ang mga gawa mo na kahanga-hanga.

2Wika ng Panginoon, “Sa takdang panahon, walang pagtatanging ako ay hahatol.

3Itong mundong ito'y kahit na mayanig, maubos ang tao dito sa daigdig, ang saligan nito'y aking ititindig.” (Selah)

4“Sabi ko sa hambog sila ay mag-ingat, at ang masasama'y huwag magpasikat.

5Ang pagmamalaki'y dapat na iwasan, kung magsasalita'y gawing malumanay.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Hindi sa silangan, hindi sa kanluran, hindi rin sa timog o sa hilaga man magmumula, hatol na inaasahan.

7Tanging Diyos lamang ang siyang hahatol, sa mapapahamak o sa magtatagumpay.

8Si Yahweh na Diyos ay may kopang hawak, sariwa't matapang yaong lamang alak; ipauubaya niyang ito'y tunggain ng taong masama, hanggang sa ubusin.

9Subalit ako ay laging magagalak; ang Diyos ni Jacob, aking itataas.

10Lakas ng masama'y papatiding lahat, sa mga matuwid nama'y itataas!

## Mga Awit 76

**Diyos ang Magtatagumpay**

*Awit na katha ni Asaf upang awitin ng Punong Mang-aawit: sa saliw ng mga instrumentong may kuwerdas.*

1Tunay na si Yahweh'y kilala sa Juda, sa buong Israel, dakilang talaga;

2nasa Jerusalem ang tahanan niya, sa Bundok ng Zion, doon tumitira.

3Lahat ng sandata ng mga kaaway, mga pana't sundang, baluting sanggalang, doon niya sinirang walang pakundangan. (Selah)

4O Diyos, dakila ka, ikaw ay maringal higit pa sa matatag na kabundukan.

5Walang magawâ, matatapang na kawal, binawi ng Diyos ang taglay na samsam; nahihimbing sila at nakahandusay, mga lakas nila, lahat ay pumanaw.

6Nang ika'y magalit, O Diyos ni Jacob, sakay at kabayo'y pawang nangalugmok.

7Ikaw, O Yahweh, kinatatakutan! Sino ang tatayo sa iyong harapan kapag nagalit ka sa mga kinapal?

8Sa iyong paghatol na mula sa langit, ang lahat sa mundo'y takot at tahimik.

9Nang ika'y tumayo't gawin ang paglitis, naligtas ang mga api sa daigdig. (Selah)

10Ang matinding galit sa iyo ng tao, hahantong na lahat sa pagpuri sa iyo. Silang nangaligtas sa mga labanan, laging magpupuri at mangagdiriwang.

11Mga pangako mo kay Yahweh, iyong Diyos, ay iyong tuparin nang tapat sa loob; dapat na magdala ng mga kaloob ang lahat ng bansa sa iyong palibot.

12Hambog na prinsipe ay ibinababâ, tinatakot niya hari mang dakila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Awit 77

**Kaaliwan sa Panahon ng Bagabag**

*Awit na katha ni Asaf upang awitin ng Mang-aawit na si Jeduthun.*

1Sa Diyos ako ay tumawag, at dumaing nang malakas, ganoon ang aking daing upang ako'y dinggin agad.

2Hinanap ko'y Panginoon sa panahong may bagabag, hindi ako napagod, dumalangin na magdamag, ngunit di ko nasumpungan ang aliw kong hinahangad.

3Nagunita ko ang Diyos, kaya ako ay dumaing, ako'y nagdidili-dili ngunit ako'y bigo pa rin. (Selah)

4Hindi ako patulugin, waring ito ay parusa, hindi ako makaimik, pagkat ako ay balisa.

5Nagbalik sa gunita ko ang nagdaang mga araw, nanariwa sa isip ko ang panahong nakaraan;

6ako'y nagbubulay-bulay sa silid ko gabi-gabi, ang diwa ko ay gising at tinatanong ang sarili:

7“Ako baga, Panginoo'y lubusan mong itatakwil? Di mo na ba ibabalik sa akin ang iyong pagtingin?

8Ang iyo bang pagmamahal sa amin ay nagwakas na? Hindi na ba maaaring sa pangako mo'y umasa?

9Yaong kagandahang-loob mo ba ay nakalimutan mo na? Dahilan sa iyong galit, ang awa mo'y wala na ba?” (Selah)

10Ganito ang aking sabi: “Ang sakit ng aking loob, para bagang mahina na't walang lakas ang aking Diyos.”

11Kaya aking babalikang gunitain ang ginawa, ang maraming ginawa mong tunay na kahanga-hanga.

12Sa lahat ng ginawa mo, ako'y magbubulay-bulay, magbubulay-bulay ako, sa diwa ko at isipan.

13Ang daan mo, Panginoon, ay tunay na daang banal, at wala nang ibang diyos na sa iyo'y ipapantay.

14Ikaw ang Diyos na ang gawa'y tunay na kahanga-hanga, iyang kadakilaan mo'y nahayag na sa nilikha.

15Dahilan sa iyong lakas, mga hirang mo'y natubos, ang lahat ng mga angkan ni Jose at ni Jacob. (Selah)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Noong ikaw ay makita ng maraming mga tubig, pati yaong kalaliman ay
natakot at nanginig.

17Magmula sa mga ulap mga ulan ay bumuhos, at mula sa papawirin,
nanggaling ang mga kulog na katulad ay palasong sumisibat sa palibot.

18Dagundong na gumugulong ang ingay na idinulot, ang guhit ng mga kidlat
ay tanglaw sa sansinukob; pati mundo ay nayanig na para bang natatakot.

19Ang landas mong dinaraana'y malawak na karagatan, ang daan mong
tinatahak ay dagat na kalawakan; ngunit walang makakita ng bakas mong
iniiwan.

20Ikaw, O Diyos, ang nanguna sa bayan mong parang kawan, si Moises at si
Aaron yaong iyong naging kamay!

## Mga Awit 78

**Awit tungkol sa Kasaysayan ng Israel**

*Isang Maskil ni Asaf.*

1Kayo ngayon ay makinig sa turo ko, mga anak, inyong dinggi't ulinigin, salita
kong binibigkas.

2Itong aking sasabihin ay bagay na talinghaga, nangyari pa noong una, kaya
ito'y mahiwaga.

3Ito'y aming narinig na, kaya naman aming alam, nagbuhat sa aming nuno
na sa ami'y isinaysay.

4Sa sarili naming anak ito'y hindi ililihim, ito'y aming isasaysay sa sunod na
lahi namin; mga gawang tinutukoy ay lubhang kahanga-hanga na si Yahweh
ang gumanap, mga gawa niyang dakila.

5Mayro'n siyang patotoo na kay Jacob itinatag, mayro'n siyang kautusang sa
Israel iniatas; ang utos sa ating nuno, dapat nilang ipatupad, ituturong lagi
ito, sa kanilang mga anak.

6Sa lahat ng lahi nila ito'y dapat na iaral, at ang angkang susunod pa ay
marapat na turuan.

7Sa ganito, masusunod nilang lagi yaong utos, ang matatag na pag-asa'y
ilalagak nila sa Diyos, at ang dakila niyang gawa'y hindi nila malilimot.

8Sa kanilang mga nuno, hindi dapat na pumaris, na matigas ang damdaming
sa Diyos ay naghimagsik; isang lahing di marunong magtiwala at magtiis, ang
pag-asa ay marupok at kulang ang pananalig.

9Tulad ng Efraimita, mga pana ang sandata, sa panahon ng labana'y
nagsitakas pa rin sila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Ang tipan sa Panginoo'y hindi nila sinusunod, hindi sila lumalakad nang ayon sa mga utos.

11Nakalimutan na nila ang lahat ng kabutihan, mga gawa ng ating Diyos na kanilang hinangaan.

12Ang lahat ng gawang ito, noong una'y nasaksihan, ang nangyari sa Egipto, sa lupain nitong Zoan,

13hinawi niya yaong dagat, doon sila pinaraan, ang tubig sa magkabila'y parang pader kung pagmasdan.

14Kapag araw, sa paglakad naging gabay nila'y ulap, at kung gabi naman, tanglaw ay apoy na maliwanag.

15May tubig na iniinom kahit sila nasa ilang, sa batuha'y umaagos na likas sa kalaliman.

16Mula roon sa batuhan, ang tubig ay umaagos, daloy nito kung pagmasdan, katulad ay isang ilog.

17Ngunit sila'y patuloy rin sa kanilang kasalanan, sinusuway nila ang Diyos habang sila'y nasa ilang.

18Sadya nilang sinusubok, ginagalit nila ang Diyos; ang hiningi ay pagkaing gustung-gusto nilang lubos.

19Kinalaban nila ang Diyos nang sabihin ang ganito: "Sa gitna ba nitong ilang mabubusog niya tayo?

20Nang hampasin yaong bato, oo't tubig ay bumukal, dumaloy ang mga batis, tubig doon ay umapaw; ngunit ito yaong tanong, tayo kaya'y mabibigyan ng tinapay na masarap at ng karneng kailangan?"

21Nang marinig ang ganito, si Yahweh nama'y nag-init, sa hinirang niyang bansa'y nag-apoy ang kanyang galit.

22Pagkat sila ay ayaw nang sa Diyos ay magtiwala, sa pangakong pagliligtas ay ayaw nang maniwala.

23Gayon pa man, itong Diyos nag-utos sa kalangitan, at ang mga pinto nito'y agad-agad na nabuksan.

24Bunga nito, ang pagkai'y bumuhos na parang ulan, ang pagkain nilang manna, sa kanila'y ibinigay.

25Ang kaloob na pagkai'y pagkain ng mga anghel, hindi sila nagkukulang, masagana kung dumating.

26Yaong ihip ng amihan, ay siya rin ang nag-utos, sa taglay na lakas niya'y dumating ang hanging timog.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Ang pagkain nilang karne'y masaganang dumarating, makapal na mga ibon na sindami ng buhangin.

28Sa gitna ng kampo nila ay doon na bumabagsak, sa palibot ng tolda ay doon nila kinakalap.

29Kinakain nila ito, nasisiyahan silang lahat, binibigyan sila ng Diyos ng pagkaing hinahangad.

30Ngunit habang kinakain ang pagkaing idinulot, at hindi pa tumitigil pagkat di pa nabubusog,

31pagkagalit sa nangyari, ipinakita ng Diyos, sa kanilang kabataan, parusa niya'y ibinuhos; ang mga malalakas at mga magagaling, buhay nila'y tinapos.

32Sa ganitong gawa ng Diyos, sunud-sunod na himala, ganti nila ay paglabag, hindi pa rin naniwala.

33Kaya't yaong pasya ng Diyos, ang araw ay wakasan na, bigla-biglang paratingin sa kanila ang parusa.

34Subalit noong sila ay lilipulin na ng Diyos, nagsisi ang karamiha't sa kanya'y nagbalik-loob.

35Noon nila nagunitang ang sanggalang nila'y ang Diyos, ang Kataas-taasang Diyos ay kanilang Manunubos.

36Kaya't siya ay pinuri, ng papuring hindi tapat, pagkat yao'y pakunwari't balatkayong matatawag.

37Sa kanilang mga puso, naghahari'y kataksilan, hindi sila naging tapat sa ginawa niyang tipan.

38Gayon pa man, palibhasa'y Diyos siyang mahabagin, ang masamang gawa nila'y kanyang pinatawad pa rin; dahilan sa pag-ibig niya'y hindi sila wawasakin, kung siya ma'y nagagalit, ito'y kanyang pinipigil.

39Nagunita pa ni Yahweh, sila'y mga tao lamang, hanging di na nagbabalik matapos na makaraan.

40Madalas na nag-aalsa noong sila'y nasa ilang; ang ganitong gawa nila'y labis niyang dinaramdam.

41Lagi siyang sinusubok, hindi sila tumitigil, ginagalit nilang lagi itong Banal na Diyos ng Israel.

42Ang kapangyarihan niya'y ayaw nilang gunitain, gayong sila'y iniligtas sa kaaway nilang taksil.

43Ang ginawa nitong Diyos na lubos na hinangaan, ay nangyari sa Egipto sa lupain nitong Zoan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

44Yaong mga ilog doo'y naging dugong umaagos, kaya walang makainom sa batis at mga ilog.

45Makapal na mga langaw at palaka ang dumating, nataranta silang lahat, di malaman ang gagawin.

46Dumating ang maninira sa taniman ng halaman, mga tanim ay kinain ng balang na di mabilang.

47Pati tanim na ubasa'y winasak ng ulang yelo, anupa't sa kalamiga'y namatay ang sikamoro.

48Nang ulanin na ng yelo, mga baka ay namatay, sa talim ng mga kidlat namatay ang mga kawan.

49Sa ganito ay nadama ang matinding poot ng Diyos, kaya sila ay winasak sa sama ng kanyang loob, mga anghel ang gumanap ng parusang sunud-sunod.

50Ang matinding galit ng Diyos hindi niya pinigilan, yaong naging wakas nila'y humantong sa kamatayan; dahilan sa isang salot, buhay nila ay pumanaw.

51Yaong lahat na panganay sa Egipto ay pinatay, ang panganay na lalaki sa Egiptong lahi ni Ham.

52Tinipon ang kanyang hirang na animo'y mga tupa, inakay sa lupaing ilang sa kanyang pangunguna.

53Inakay nga at naligtas, kaya naman di natakot, samantalang ang kanilang kaaway ay nangalunod.

54Inihatid sila ng Diyos sa lupain niyang banal, sa bundok na mismong siya ang kumuha sa kaaway.

55Itinaboy niyang lahat ang naroong namamayan, pinaghati-hati niya ang lupaing naiwanan; sa kanilang mga tolda ang Israel ay nanahan.

56Ngunit sila'y naghimagsik sa Kataas-taasang Diyos, hindi nila iginalang ang kanyang mga utos;

57katulad ng nuno nila sila'y kusang tumalikod, nagtaksil na wari'y panang lumipad nang walang taros.

58Nanibugho itong Diyos, sa kanila ay nagalit, nang makita ang dambana ng larawang iniukit.

59Sumamâ ang loob niya noong ito ay mamasid, itinakwil ang Israel sa tindi ng kanyang galit.

60Kaya't kanyang iniwanan ang tahanang nasa Shilo, yaong toldang tirahan niya sa gitna ng mga tao.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

61Sagisag ng kanyang lakas, ang Kaban ng kanyang Tipan, binayaan na mahulog at makuha ng kaaway.

62Nagalit sa kanyang baya't ibinigay sa kaaway, kaya naman ang marami sa kanila ay namatay.

63Kanilang mga binata ay nasawi sa labanan, dalaga mang magaganda'y wala nang mapangasawa.

64Pati mga pari nila, sa patalim ay napuksa, ang kanilang mga balo'y ni ayaw nang magluksa.

65Parang tulog na gumising, si Yahweh ay nagbangon, ang katawan ay masigla, tumayo ang Panginoon; parang taong nagpainit sa alak na iniinom.

66Pinaurong ang kaaway, lahat niyang katunggali, napahiya silang lahat, pawang galit na umuwi.

67Maging ang lahi ni Jose, sadya niyang itinakwil, at di niya pinagbigyan pati lahi ni Efraim.

68Sa halip, pinili niya'y ang sambahayan ni Juda, at ang bundok naman ng Zion ang tirahang minahal niya.

69Doon niya itinayo yaong banal na santuwaryo, katulad ng nasa langit na tahanan niyang dako; lubos niyang pinatatag na tulad ng mundong ito.

70Ang kinuhang pangunahi'y sa mahirap pa hinugot, isang pastol ang napili, si David na kanyang lingkod.

71Ang alagang dati nito ay kawan ng mga hayop, nang maghari sa Israel, nanguna sa bayan ng Diyos.

72Matuwid na namahala, namalakad na mahusay, lubos silang kinalinga sa tulong niya at patnubay.

## Mga Awit 79

**Panalangin Upang Iligtas ang Buong Bansa**

*Awit ni Asaf.*

1O Diyos, pinasok ng Hentil ang lupang pangako, hayo't iyong masdan! Winasak ang lunsod, ang banal mong templo ay nilapastangan;

2ang mga katawan ng mga lingkod mo ay ginawang pagkain ng mga ibon, ang kanilang laman, sa mga halimaw ay ipinalamon.

3Dugo ng bayan mo'y ibinubo nila, sa buong palibot nitong Jerusalem, katulad ay tubig; sa dami ng patay ay walang maglibing.

4Ang karatig-bansang doo'y nakasaksi, kami'y kinutya at nagtatawa sila, lahat sa palibot ay humahalakhak sa gayong nakita.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Iyang iyong galit sa amin, O Yahweh, hanggang kailan ba kaya matatapos? Di na ba titigil ang pagkagalit mong sa ami'y tutupok?

6Doon mo ibaling ang matinding galit sa maraming bansang ayaw kang kilanlin, mga kahariang ang banal mong ngala'y ayaw na tawagin.

7Masdan ang ginawa nila sa bayan mo, ang mga lingkod mo ay pinatay nila, pati ang tahanan nila ay winasak, walang itinira.

8Huwag mong parusahan kaming mga anak, sa pagkakasala ng aming magulang, ikaw ay mahabag sa mga lingkod mong pag-asa'y pumanaw.

9Mahabag ka sana, kami ay tulungan, Diyos na aming Tagapagligtas, dahil sa ngalan mo, kaming nagkasala'y patawaring ganap; at sa karangalan ng iyong pangalan, kami ay iligtas.

10Bakit magtatanong itong mga bansa ng katagang ito: “Ang Diyos mo'y nasaan?” Ipaghiganti mo ang mga lingkod mong kanilang pinatay, ang pagpaparusa'y iyong ipakita sa iyong mga hirang.

11Iyong kahabagan ang mga bilanggong kanilang hinuli, dinggin mo ang daing, sa taglay mong lakas, iligtas mo silang takdang papatayin.

12Iyong parusahan yaong mga bansang sa iyo, O Yahweh, lumalapastangan, parusahan sila ng pitong ibayo sa gawang pag-uyam.

13Kaya nga, O Yahweh, kaming iyong lingkod, parang mga tupa sa iyong pastulan, magpupuring lagi't magpapasalamat sa iyong pangalan!

## Mga Awit 80

**Panalangin Upang Muling Ibalik ang Israel**

*Awit na katha ni Asaf upang awitin ng Punong Mang-aawit: ayon sa tono ng “Liryo ng Kasunduan”.*

1Pastol ng Israel, ikaw na nanguna't umakay kay Jose, na tulad sa kawan, ikiling sa amin ang iyong pandinig, kami ay pakinggan; mula sa trono mong may mga kerubin, kami ay tulungan.

2Ang iyong pag-ibig iyong ipadama sa angkan ni Efraim, Manases at Benjamin, sa taglay mong lakas, kami ay iligtas, sa hirap ay tubusin!

3Ibalik mo kami, O Diyos, at ipadama mo ang iyong pagmamahal, iligtas mo kami, at sa iyong sinag kami ay tanglawan.

4Yahweh, Makapangyarihang Diyos, hanggang kailan ba patatagalin mo ang galit sa amin? Hanggang kailan pa diringgin mo kami sa aming dalangin?

5Masdan mo nga kami sa tuwi-tuwina'y tinapay ng luha yaong kinakain, luha ng hinagpis, ang inihanda mo na aming inumin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Ang mga bansa sa paligid, hinayaan mong kami ay kutyain, iyong
pinayagang pagtawanan kami ng kaaway namin.

7Ibalik mo kami, O Yahweh, Diyos na Makapangyarihan sa lahat; tanglawan
mo kami't sa kahabagan mo, kami ay iligtas!

8Mula sa Egipto ikaw ay naglabas ng puno ng ubas, saka itinanim sa lupang
dayuhan, matapos ang tao roo'y palayasin.

9Ngunit nilinis mo muna't pinagyaman ang piniling lugar na pagtataniman,
doon ay nag-ugat, ang buong lupain ay nalaganapan.

10Nagsanga ang puno, lumagong mabuti at ang kabunduka'y kanyang
naliliman, mga punong sedar, naliliman pati ng sangang malabay.

11Hanggang sa ibayo, sa ibayong dagat, ang sangang malabay nito'y
nakaabot, pati mga ugat humabang mabuti't umabot sa Ilog.

12Bakit mo sinira? Sinira ang pader, kung kaya napasok nitong dumaraan,
pinipitas tuloy yaong bunga nitong tanim na naturan.

13Mga baboy damong nagmula sa gubat, niluluray itong walang
pakundangan, kinakain ito ng lahat ng hayop na nasa sa parang.

14Ika'y manumbalik, O Diyos na Dakila! Pagmasdan mo kami mula sa itaas,
at ang punong ito'y muling pagyamanin, at iyong iligtas.

15Lumapit ka sana, ang puno ng ubas na itinanim mo ay iyong iligtas, yaong
punong iyon na pinalago mo't iyong pinalakas!

16Ito ay sinunog, sinunog pa nila ang nasabing puno matapos maputol, sa
galit mo't poot ay iyong harapin nang sila'y malipol.

17Ang mga lingkod mo ay iyong ingatan, yamang hinirang mo ay
ipagsanggalang, iyong palakasin bilang isang bansang makapangyarihan!

18At kung magkagayon, magbabalik kami't di na magtataksil sa iyo
kailanman, kami'y pasiglahi't aming pupurihin ang iyong pangalan.

19Ibalik mo kami, O Yahweh, Diyos na Makapangyarihan sa lahat; tanglawan
mo kami't sa kahabagan mo, kami ay iligtas!

## Mga Awit 81

**Awit sa Araw ng Kapistahan**

*Katha ni Asaf upang awitin ng Punong Mang-aawit: ayon sa Gittith.*

1Masiglang awitan ang Tagapagligtas, itong Diyos ni Jacob, awitang may
galak.

2Umawit sa saliw ng mga tamburin, kasabay ng tugtog ng lira at alpa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Hipan ang trumpeta tuwing nagdiriwang, kung buwan ay bago't nasa kabilugan.

4Pagkat sa Israel, ito'y isang utos, batas na ginawa ng Diyos ni Jacob.

5Sa mga hinirang, ang utos di'y ito nang sila'y ilabas sa bansang Egipto. Ganito ang wika na aking narinig:

6“Mabigat mong dala'y aking inaalis, ikaw ay iibsan sa pasan mong labis.

7Iniligtas kita sa gitna ng hirap, sinaklolohan ka nang ika'y tumawag; tinugon din kita sa gitna ng kidlat, at sinubok kita sa Batis Meriba. (Selah)

8Kapag nangungusap, ako'y inyong dinggin, sana'y makinig ka, O bansang Israel.

9Ang diyus-diyosa'y huwag mong paglingkuran, diyos ng ibang bansa'y di dapat yukuran.

10Ako ay si Yahweh, ako ang Diyos mo, ako ang tumubos sa iyo sa Egipto; pagkaing gustuhin ibibigay ko sa iyo.

11“Ngunit ang bayan ko'y hindi ako pansin, di ako sinunod ng bayang Israel,

12sa tigas ng puso, aking hinayaang ang sarili nilang gusto'y siyang sundan.

13Ang tangi kong hangad, sana ako'y sundin, sundin ang utos ko ng bayang Israel;

14ang kaaway nila'y aking lulupigin, lahat ng kaaway agad lilipulin.

15Silang namumuhi't sa aki'y napopoot, ay magsisiyuko sa laki ng takot, ang parusa nila'y walang pagkatapos.

16Ngunit ang mabuting bunga nitong trigo, ang siyang sa inyo'y ipapakain ko; at ang gusto ninyong masarap na pulot, ang siyang sa inyo'y aking idudulot.”

## Mga Awit 82

**Diyos ang Kataas-taasang Hari**

*Awit ni Asaf.*

1Ang Diyos ang namumuno ng pulong sa kalangitan, sa pulong ng mga diyos, ganito ang kapasyahan:

2“Dapat ninyong itigil na, paghatol na hindi tama, tumigil na ng paghatol na panig sa masasama. (Selah)

3Bigyan ninyong katarungan ang mahina at ulila, at huwag ninyong aapihin ang mahirap at may dusa.

4Ang marapat na tulunga'y ang mahina at mahirap, sa kamay ng masasama sila'y dapat na iligtas!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5“Anong pagkamangmang ninyo, wala kayong nalalaman! Sa gitna ng kadilima'y doon kayo nananahan, sa ibabaw ng daigdig ay wala nang katarungan.

6Ang sabi ko, kayo'y diyos, anak ng Kataas-taasan,

7ngunit tulad nitong tao, lahat kayo'y mamamatay; katulad din ng prinsipe, papanaw ang inyong buhay.”

8O Diyos, ikaw ay magbangon at daigdig pagharian, ang lahat ng mga bansa ay hawak ng iyong kamay!

## Mga Awit 83

**Panalangin Upang Matalo ang mga Kalaban**

*Awit ni Asaf.*

1Huwag kang manahimik, O Diyos, huwag kang magpabaya, ikaw ay kumilos.

2Hayun! Ang kaaway nagsisipag-alsa, at ang namumuhi'y kinakalaban ka.

3Sila'y nagbabalak laban sa hinirang, laban sa lahat ng iyong iningatan.

4Ganito ang sabi, “Ating papawiin, ang kanilang bansa'y ating lilipulin; upang ang Israel, malimutan na rin!”

5Nagkakaisang lahat, sila ay nagplano, kanilang pasya ay lumaban sa iyo.

6Ang lahi ni Edom at ang Ismaelita, Moab at Agarenos lahat nagkaisa.

7Ang Gebal at Ammon gayon din ang pasya, Amalek at Tiro at ang Filistia.

8Pati ang Asiria'y nakipagsabwatan, sa lahi ni Lot, nakipagtulungan. (Selah)

9Mga bansang ito'y iyong parusahan, tulad ng parusang ginawa sa Midian, kay Jabi't Siserang nalupig sa laban nang sa Ilog Kison, buhay winakasan.

10Pinatay lahat at ang hukbo'y nawasak, sa Endor, ang bangkay nila ay nagkalat.

11Yaong mga bantog nilang punong-kawal, kay Oreb at Zeeb iparis ang buhay. Lupigin mong lahat ang pinuno nila tulad ng sinapit ni Zeba't Zalmuna,

12sila ang nagsabing, “Ang pastulan ng Diyos ay ating kamkami't maging ating lubos.”

13Ikalat mo silang parang alikabok, tulad ng dayami na tangay ng unos.

14Tulad ng pagtupok ng apoy sa gubat, nang ang kaburula'y kubkob na ng ningas,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15gayon mo habulin ng bagyong malakas, ito ang gawin mo't nang sila'y masindak.

16Mga taong yaon sana'y hiyain mo, upang matutong maglingkod sa iyo.

17Lupigin mo sila't takuting lubusan, lubos mong hiyain hanggang sa mamatay.

18Sana ikaw, Yahweh, kanilang mabatid, ang tangi't dakilang hari ng daigdig!

## Mga Awit 84

**Awit ng Pananabik sa Tahanan ng Diyos**

*Isang Awit na katha ng angkan ni Korah upang awitin ng Punong Mang-aawit: ayon sa Gittith.*

1Mahal ko ang iyong templo, O Makapangyarihang Yahweh!

2Nasasabik ang lingkod mo na sa templo ay pumasok. Ang buo kong pagkatao'y umaawit na may lugod, sa masayang pag-awit ko pinupuri'y buháy na Diyos.

3Panginoon, sa templo mo, mga maya'y nagpupugad, maging ibong layang-layang sa templo mo'y nagagalak, may inakay na kalinga sa tabi ng iyong altar; O Yahweh, hari namin at Diyos na walang hanggan.

4Mapalad na masasabi, silang doo'y tumatahan at palaging umaawit, nagpupuring walang hanggan. (Selah)

5Ang sa iyo umaasa'y masasabing mapalad din, silang mga naghahangad, sa Zion ay makarating.

6Habang sila'y naglalakbay sa tigang na kapatagan, tuyong lupa'y binabaha sa maagap na pag-ulan.

7Habang sila'y lumalakad, lalo silang lumalakas, batid nilang nasa Zion ang Diyos nilang hinahanap.

8Dinggin mo ang dalangin ko, O Yahweh, Makapangyarihang Diyos, O ikaw na Diyos ni Jacob, dinggin mo ang iyong lingkod. (Selah)

9Basbasan mo, aming Diyos, itong hari naming mahal, pagpalain mo po siya pagkat ikaw ang humirang.

10Kahit isang araw lamang, mas gusto ko sa templo mo, kaysa isang libong araw na iba ang tahanan ko. Gusto ko pang maging bantay sa pinto ng iyong templo, kaysa ako'y tumira sa bahay ng mga palalo.

11Pagkat ang PANGINOONG Yahweh, pag-asa at sanggalang, kami'y pinagpapala mo sa pag-ibig mo at dangal. Hindi siya nagkakait ng mabuting mga bagay sa sinumang ang gawain ay matuwid at marangal.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12O Yahweh, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, ang magtiwala sa iyo'y masasabing mapalad!

## Mga Awit 85

**Panalangin Upang Ibangong Muli ang Israel**

*Isang Awit na katha ng angkan ni Korah upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1Ikaw po, O Yahweh, naging mapagbigay sa iyong lupain, pinasagana mo't muling pinaunlad ang bansang Israel.

2Yaong kasamaan ng mga anak mo'y nilimot mong tunay, pinatawad sila sa nagawa nilang mga kasalanan. (Selah)

3Ang taglay mong poot sa ginawa nila'y iyo nang inalis, tinalikdan mo na at iyong nilimot ang matinding galit.

4Panumbalikin mo kami, Diyos ng aming kaligtasan, ang pagkamuhi sa amin ay iyo nang wakasan.

5Ang pagkagalit mo at poot sa ami'y wala bang hangganan? Di na ba lulubag, di ba matatapos ang galit mong iyan?

6Ibangon mo kami, sana'y ibalik mo ang nawalang lakas, at kaming lingkod mo ay pupurihin ka na taglay ang galak.

7Kaya ngayon, Yahweh, ipakita mo na ang pag-ibig mong wagas. Kami ay lingapin at sa kahirapan ay iyong iligtas.

8Aking naririnig mga pahayag na kay Yahweh nagmula; sinasabi niyang ang mga lingkod niya'y magiging payapa, kung magsisisi at di na babalik sa gawang masama.

9Ang nagpaparangal sa pangalan niya'y kanyang ililigtas, sa ating lupain ay mananatili ang kanyang paglingap.

10Ang katapatan at pag-ibig ay magdadaup-palad, ang kapayapaan at ang katuwira'y magsasamang ganap.

11Sa balat ng lupa'y sadyang maghahari itong katapatan, mula sa itaas, maghahari naman itong katarungan.

12Gagawing maunlad ng Diyos na si Yahweh itong ating buhay, ang mga halaman sa ating lupai'y bubungang mainam;

13ang katarunga'y mauuna sa kanyang daraanan, kanyang mga yapak, magiging bakas na kanilang susundan.

## Mga Awit 86

**Panalangin Upang Tulungan ng Diyos**

*Isang Panalangin ni David.*

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[1]Sa aking dalangin, ako'y iyong dinggin, tugunin mo, Yahweh, ang aking pagdaing; ako'y mahina na't wala nang tumingin.

[2]Pagkat tapat sa iyo, buhay ko'y ingatan, lingkod mo'y iligtas sa kapahamakan pagkat may tiwala sa iyo kailanman.

[3]Ikaw ang aking Diyos, ako'y kahabagan, sa buong maghapo'y siyang tinatawagan.

[4]Panginoon, lingkod mo'y dulutan ng galak, pagkat sa iyo kaluluwa'y tumatawag.

[5]Mapagpatawad ka at napakabuti; sa dumadalangin at sa nagsisisi, ang iyong pag-ibig ay mananatili.

[6]Pakinggan mo, Yahweh, ang aking dalangin, tulungan mo na po, ako'y iyong dinggin.

[7]Dumaraing ako kapag mayro'ng bagabag, iyong tinutugon ang aking pagtawag.

[8]Sa sinumang diyos wala kang kawangis, sa iyong gawai'y walang makaparis.

[9]Ang lahat ng bansa na iyong nilalang, lalapit sa iyo't magbibigay galang; sila'y magpupuri sa iyong pangalan.

[10]Pagkat ikaw lamang ang Diyos na dakila na anumang gawin ay kahanga-hanga!

[11]Ang kalooban mo'y ituro sa akin, at tapat ang puso ko na ito'y susundin; turuang maglingkod nang buong taimtim.

[12]O Panginoong Diyos, buong puso'y laan, pupurihin kita magpakailanman at ihahayag ko, iyong kadakilaan.

[13]O pagkadakila! Pag-ibig mong wagas, dahil sa pag-ibig, ako'y iniligtas; di hinayaang masadlak sa daigdig ng mga patay.

[14]Mayroong mga taong ayaw kang kilanlin, taong mararahas, na ang adhikain ay labanan ako't ang buhay ay kitlin.

[15]Ngunit ikaw, Panginoon, tunay na mabait, wagas ang pag-ibig, di madaling magalit, lubhang mahabagi't banayad magalit.

[16]Pansinin mo ako, iyong kahabagan, iligtas mo ako't bigyang kalakasan, pagkat ako'y lingkod mo rin tulad ng aking nanay.

[17]Pagtulong sa aki'y iyong patunayan; upang mapahiya ang aking kaaway, kung makita nilang mayroong katibayan na ako'y inaliw mo at tinulungan!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

## Mga Awit 87

**Awit ng Pagpaparangal sa Jerusalem**

*Isang Awit na katha ng angkan ni Korah.*

1Sa Bundok ng Zion, itinayo ng Diyos ang banal na lunsod,

2ang lunsod na ito'y higit niyang mahal sa alinmang bayan ng angkan ni Jacob.

3Kaya't iyong dinggin ang ulat sa iyong mabubuting bagay, O lunsod ng Diyos: (Selah)

4“Kapag isinulat ko at ang mga bansang sa iyo'y sasama, aking ibibilang ang bansang Egipto at ang Babilonia; ibibilang ko rin bansang Filistia, Tiro at Etiopia.”

5At tungkol sa Zion, sasabihin nila, “Ang lahat ng bansa ay masasakupan, siya'y palalakasin at patatatagin ng Kataas-taasan.”

6Si Yahweh ay gagawa, ng isang talaan ng lahat ng taong doo'y mamamayan, (Selah)

7sila ay aawit, sila ay sasayaw, at sila'y sabay-sabay na magsasabing, “Ang aking mga pagpapala'y ang Zion ang bukal.”

## Mga Awit 88

**Panalangin ng Paghingi ng Tulong**

*Isang Awit na katha ng angkan ni Korah, upang awitin ng Punong Mang-aawit: sa saliw ng Mahalath Leanoth. Isang Maskil ni Heman, na mula sa angkan ni Ezra.*

1Yahweh, aking Diyos, tanging ikaw lamang, aking kaligtasan, pagsapit ng gabi, dumudulog ako sa iyong harapan.

2Ako ay dinggin mo, sa pagdalangin ko ako ay pakinggan, sa aking pagdaing ako ay tulungan.

3Ang kaluluwa ko ay nababahala't puspos ng problema. Dahilan sa hirap pakiwari'y buhay ko'y umiiksi na.

4Ibinilang ako niyong malapit nang sa hukay ilagak, ang aking katulad ay mahina na't ubos na ang lakas.

5Ang katulad ko pa ay ang iniwanan sa gitna ng patay, animo'y nasawi na nananahimik sa kanyang libingan. Tulad na rin ako nitong mga tao na iyong nilimot, parang mga tao na sa iyong tulong ay hindi maabot.

6Dinala mo ako sa may kadilimang hukay na malalim, na tulad ng libingan na ubod ng dilim.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Ikaw ay nagalit, at ang bigat nito'y sa akin nabunton, ang katulad ko'y tinabunan ng malaking alon. (Selah)

8Mga kasama ko'y hinayaan mo na ako ay iwan, hinayaan silang mamuhi sa aki't ako'y katakutan, kaya hindi ako makatakas ngayo't pintua'y nasarhan.

9Dahilan sa lungkot, ang aking paningi'y waring lumalamlam, kaya naman, Yahweh, tumatawag ako sa iyo araw-araw, sa pagdalangin ko ay taas ang kamay.

10Makakagawa ba ikaw, Panginoon, ng kababalaghan, para purihin ka niyong mga patay? (Selah)

11Ang pag-ibig mo ba doon sa libinga'y ipinapahayag, o sa kaharian niyong mga patay ang iyong pagtatapat?

12Doon ba sa dilim ang dakilang gawa mo ba'y makikita, o iyong kabutihan, sa mga lupaing tila nalimot na?

13Sa iyo, O Yahweh, ako'y nananangis at nananawagan, sa tuwing umaga ako'y tumatawag sa iyong harapan.

14Di mo ako pansin, Yahweh, aking Diyos, di ka kumikibo. Bakit ang mukha mo'y ikinukubli mo, ika'y nagtatago?

15Mula pagkabata ako'y nagtiis na, halos ikamatay; ang iyong parusa'y siyang nagpahina sa aking katawan.

16Sa aking sarili, tindi ng galit mo'y aking nadarama, ako'y mamamatay kundi ka hihinto ng pagpaparusa.

17Parang baha sila kung sumasalakay sa aking paligid, sa buong maghapon kinukubkob ako sa lahat ng panig.

18Iyong pinalayo mga kaibigan pati kapitbahay; ang tanging natira na aking kasama ay ang kadiliman.

## Mga Awit 89

**Panalangin sa Panahong Nagkakagulo ang Bansa**

*Isang Maskil E ni Etan, na mula sa angkan ni Ezra.*

1Pag-ibig mo, Yahweh, na di nagmamaliw, ang sa tuwi-t'wina'y aking aawitin; ang katapatan mo'y laging sasambitin.

2Ang iyong pag-ibig walang katapusan, sintatag ng langit ang iyong katapatan.

3Sabi mo, O Yahweh, isang kasunduan ang iyong ginawa kay David mong hirang at ito ang iyong pangakong iniwan:

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4“Isa sa lahi mo'y laging maghahari, ang kaharian mo ay mamamalagi.” (Selah)

5Nagpupuri silang nilikha sa langit, ang iyong ginawa'y siyang binabanggit ang katapatan mo, Yahweh, ay inaawit.

6O Yahweh, Makapangyarihan sa lahat, sino'ng kaparis mo doon sa itaas? Mga nilalang doon sa kalangitan, kay Yahweh ba sila ay maipapantay?

7Sa pagtitipon man ng lahat ng hinirang, may banal na takot sa iyo at paggalang.

8O Yahweh na Makapangyarihang Diyos, O Yahweh, mayroon pa kayang katulad kang lubos? Sa kapangyarihan ay tunay na puspos, kadakilaan mo'y sadyang lubus-lubos.

9Sumusunod sa iyo dagat mang mabangis, alon mang malaki'y napapatahimik.

10Iyang dambuhalang kung tawagi'y Rahab ay iyong dinurog sa taglay mong lakas, lahat mong kaaway ay iyong winasak, kapangyarihan mo'y ubod nang lakas.

11Sa iyo ang langit, sa iyo ang lupa, ang buong daigdig ikaw ang maylikha, lahat nang naroo'y sa iyo nagmula.

12Timog at hilaga, ikaw ang naglagay; Bundok Hermo't Tabor ay nag-aawitan, nagpupuri sila sa iyong pangalan.

13Ang taglay mong lakas at kapangyarihan, ay walang kaparis, di matatawaran!

14Ang kaharian mo ay makatarungan, saligang matuwid ang pinagtayuan; wagas na pag-ibig at ang katapatan, ang pamamahala mong ginagampanan.

15Mapalad ang taong sa iyo'y sumasamba, sa pagsamba nila'y inaawitan ka at sa pag-ibig mo'y namumuhay sila.

16Sa buong maghapon, ika'y pinupuri, ang katarungan mo'y siyang sinasabi.

17Ang tagumpay namin ay iyong kaloob, dahilan sa iyong kagandahang-loob.

18Sapagkat si Yahweh ang aming sanggalang, ang aming hari ay siya ang humirang, Banal ng Israel, siya'y aming sandigan.

**Ang Pangako ng Diyos kay David**

19Noon pa mang una, sa mga lingkod mo, ika'y nagsalita, sa pangitaing ipinakita'y ito ang badya: “Aking pinutungan ang isang dakila, na aking pinili sa gitna ng madla.

20Ang piniling lingkod na ito'y si David, aking binuhusan ng banal na langis.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Kaya't palagi ko siyang gagabayan, at siya'y bibigyan ko ng kalakasan.

22Di siya malulupig ng kanyang kaaway, ang mga masama'y di magtatagumpay.

23Aking dudurugin sa kanyang harapan, silang namumuhi na mga kaaway.

24Ang katapatan ko't pag-ibig na wagas, ay iuukol ko't aking igagawad, at magtatagumpay siya oras-oras.

25Mga kaharia'y kanyang masasakop, dagat na malawak at malaking ilog.

26Ako'y tatawaging Ama niya't Diyos, tagapagsanggalang niya't manunubos.

27Gagawin ko siyang panganay at hari, pinakamataas sa lahat ng hari!

28Ang aking pangako sa kanya'y iiral at mananatili sa aming kasunduan.

29Laging maghahari ang isa niyang angkan, sintatag ng langit yaong kaharian.

30“Kung ang mga anak niya ay susuway, at ang aking utos ay di igagalang,

31kung ang aking aral ay di papakinggan at ang kautusa'y hindi iingatan,

32kung gayon, daranas sila ng parusa dahil kasamaan ang ginawa nila, sila'y hahampasin sa ginawang sala.

33Ngunit ang pangako't pag-ibig kay David, ay di magbabago, hindi mapapatid.

34Ang tipan sa kanya'y di ko sisirain, ni isang pangako'y di ko babawiin.

35“Sa aking kabanalan, ipinangako ko, kay David ay hindi magsisinungaling.

36Lahi't trono niya'y hindi magwawakas, hanggang mayro'ng araw tayong sumisikat;

37katulad ng buwan na hindi lilipas, matatag na tanda doon sa itaas.” (Selah)

**Hinagpis sa Pagkatalo ng Hari**

38Subalit ngayon, siyang iyong hirang, ay itinakwil mo at kinagalitan;

39binawi mo pati yaong iyong tipan, ang kanyang korona ay iyong dinumhan.

40Ang tanggulan niya ay iyong winasak, mga muog niya'y iyong ibinagsak.

41Lahat ng magdaa'y nagsasamantala, ang ari-arian niya'y kinukuha; bansa sa paligid, pawang nagtatawa.

42Iyong itinaas ang kanyang kaaway, tuwang-tuwa sila't pinapagtagumpay.

43Ang sandata niya'y nawalan ng saysay, binigo mo siya sa kanyang paglaban.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[44]Yaong kanyang trono at ang setrong hawak, inalis sa kanya't iyong ibinagsak.

[45]Sa iyong ginawa'y nagmukhang matanda, sa kanyang sinapit siya'y napahiya. (Selah)

**Panalangin Upang Iligtas ng Diyos**

[46]Hanggang kailan pa ba, mukha'y itatago? Wala na bang wakas, tindi ng galit mo?

[47]Alam mo, O Yahweh, ang buhay ng tao ay maikli lamang sa balat ng mundo; papanaw na lahat silang nilikha mo.

[48]Sino ba'ng may buhay na hindi papanaw? Paano iiwas sa kanyang libingan tayong mga taong ngayo'y nabubuhay? (Selah)

[49]Nasaan ang alab ng dating pag-ibig at tapat na sumpang ginawa kay David? Nasaan, O Diyos? Iyong ipabatid.

[50]Iyong nalalaman ang mga pasakit ng abâ mong lingkod, na pawang tiniis; ang mga pagkutya na kanyang sinapit sa kamay ng taong pawang malulupit.

[51]Ganito tinuya ng iyong kaaway ang piniling haring saan ma'y inuyam.

[52]Si Yahweh ay ating purihin magpakailanman! Amen! Amen!

## Mga Awit 90

**IKAAPAT NA AKLAT**
***(Mga Awit 90–106)***
**Ang Diyos at ang Tao**

*Panalangin ni Moises, ang lingkod ng Diyos.*

[1]Panginoon naming Diyos, ikaw ang aming tahanan, buhat pa nang simulang lumitaw ang aming angkan.

[2]Wala pa ang mga bundok, hindi mo pa nilalalang, hindi mo pa nililikha itong buong daigdigan, ikaw noon ay Diyos na, pagkat ika'y walang hanggan.

[3]Yaong taong nilikha mo'y bumabalik sa alabok, sa lupa ay nagbabalik kapag iyong iniutos.

[4]Ang sanlibong mga taon ay para bang isang araw, sa mata mo, Panginoon, isang kisap-mata lamang; isang saglit sa magdamag na ito ay dumaraan.

[5]Mga tao'y pumapanaw na para mong winawalis, parang damo sa umagang tumubo sa panaginip.

[6]Parang damong tumutubo, may taglay na bulaklak, kung gumabi'y nalalanta't bulaklak ay nalalagas.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Sa tindi ng iyong galit, para kaming nauupos, sa simbuyo ng galit mo'y lubos kaming natatakot.

8Aming mga kasalanan, sa harap mo'y nahahayag, mga sala naming lihim ay kita mo sa liwanag.

9Sa kamay mo'y nagwawakas itong hiram naming buhay, parang bulong lamang ito na basta lang dumaraan.

10Buhay nami'y umaabot ng pitumpung taóng singkad, minsan nama'y walumpu, kung kami'y malakas; ngunit buong buhay namin ay puno ng dusa't hirap, pumapanaw pagkatapos, dito sa sangmaliwanag.

11Ang tindi ng iyong galit sino kaya ang tatarok? Sino kaya ang susukat niyong ibubungang takot?

12Dahil itong buhay nami'y maikli lang na panahon, itanim sa isip namin upang kami ay dumunong.

13Hanggang kailan pa ba, Yahweh, ang ganitong kalagayan? Parang awa mo na, mga lingkod mo'y iyong tulungan!

14Kung umaga'y ipadama iyong wagas na pag-ibig, at sa buong buhay nami'y may galak ang aming awit.

15At ang aming kahirapan palitan mo ng ginhawa, singhaba rin ng panahon ang ipalit na ligaya.

16Ipakita sa lingkod mo ang dakila mong gawain, at sa sunod naming lahi, ipadama ay gayon din.

17Panginoon naming Diyos, kami sana'y pagpalain, magtagumpay nawa kami sa anumang aming gawin! Magtagumpay nawa kami!

## Mga Awit 91

### Ang Diyos ang Mag-iingat sa Atin

1Siyang naghahangad ng pagkupkop ng Kataas-taasan, at nananatili sa pagkalinga ng Makapangyarihan,

2ay makakapagsabi kay Yahweh: “Muog ka't kanlungan, ikaw ang aking Diyos, ang Diyos na tangi kong pinagtiwalaan.”

3Sa panganib at bitag ika'y kanyang ililigtas, at kahit ano mang matinding salot ay di ka magdaranas.

4Lulukuban ka niya sa lilim ng kanyang malapad na pakpak, at sa kalinga niya ay palagi ka ngang nakakatiyak; iingatan niya't ipagsasanggalang, pagkat siya'y matapat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Pagsapit ng gabi, di ka matatakot sa anumang bagay, maging sa gagawing biglaang paglusob ng mga kaaway.

6Ni sa ano pa mang darating na salot pagkagat ng dilim, sa pagpuksa'y wala kang takot, sa araw man dumating.

7Kahit na mabuwal sa iyong harapan ang sanlibong tao, sa iyong paligid ang bilang ng patay maging sampung libo; di ka matatakot, at natitiyak mong di ka maaano.

8Ika'y magmamasid at sa panonood, mapapatunayan, iyong makikita, taong masasama'y pinaparusahan.

9Sapagkat si Yahweh ang iyong ginawang tagapagsanggalang, at ang pinili mong mag-iingat sa iyo'y Kataas-taasan.

10Di mo aabuting ika'y mapahamak; di mararanasan kahit anong uring mga paghihirap sa iyong tahanan.

11Sa kanyang mga anghel, ika'y itatagubilin, saan mang dako maparoon, tiyak kang iingatan.

12Sa kanilang mga kamay, ika'y aalalayan, nang sa mga bato, paa mo'y hindi masasaktan.

13Iyong tatapakan kahit mga ahas o leong mabagsik, di ka maaano sa mga serpiyente't leong mababangis.

14Ang sabi ng Diyos, “Ililigtas ko ang mga tapat sa akin, at iingatan ko ang sinumang taong ako'y kikilanlin.

15Kapag sila'y tumawag, laging handa ako na sila'y pakinggan, aking sasamahan at kung may problema ay sasaklolohan; aking ililigtas at ang bawat isa ay pararangalan.

16Sila'y bibigyan ko't gagantimpalaan ng mahabang buhay, at nakakatiyak, tatamuhin nila aking kaligtasan!”

## Mga Awit 92

**Awit ng Papuri sa Diyos**

*Isang Awit para sa Araw ng Pamamahinga.*

1Ang magpasalamat kay Yahweh ay mabuting bagay, umawit na lagi purihin ang ngalang Kataas-taasan.

2Pag-ibig niyang wagas ay dapat ihayag, kung bukang-liwayway, pagsapit ng gabi ang katapatan niya'y ihayag din naman.

3Ito'y ipahayag sa saliw ng alpa't tugtuging salteryo, sa magandang himig ng tugtuging lira'y ipahayag ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Ako'y nagagalak sa iyong ginawa na kahanga-hanga, sa lahat ng ito ako'y umaawit dahilan sa tuwa.

5O pagkadakila! Kay dakila, Yahweh, ng iyong ginawa, ang iyong isipan ay sadyang mahirap naming maunawa.

6Sa kapos na isip, ang bagay na ito ay di nalalaman, hindi malilirip ni mauunawa ng sinumang mangmang:

7ang mga masama kahit na dumami't sila ma'y umunlad, kanilang hantungan ay tiyak at lubos na kapahamakan;

8sapagkat ikaw lang, Yahweh, ang dakila't walang makatulad.

9Nababatid naming lilipuling lahat ang iyong kaaway, at lahat ng taong masama ang gawa ay mapipilan.

10Ako'y ginawa mong sinlakas ng torong mailap sa gubat, ako'y pinagpala't pawang kagalakan aking dinaranas.

11Aking nasaksihan yaong pagkalupig ng mga kaaway, pati pananaghoy ng mga masama'y aking napakinggan.

12Tulad ng palmera, ang taong matuwid tatatag ang buhay, sedar ang kagaya, kahoy sa Lebanon, lalagong malabay.

13Mga punong natanim sa tahanan ni Yahweh, sa Templo ng ating Diyos bunga nila'y darami.

14Tuloy ang pagbunga kahit na ang punong ito ay tumanda, luntia't matatag, at ang dahon nito ay laging sariwa.

15Ito'y patotoo na si Yahweh ay tunay na matuwid, siya kong sanggalang, matatag na batong walang karumihan.

## Mga Awit 93

### Ang Diyos ang Hari

1Si Yahweh ay naghahari, na ang suot sa katawan ay damit na maharlika at puspos ng kalakasan. Matatag na itinayo ang sandigan ng daigdig, kahit ano ang gawin pa'y hindi ito mayayanig.

2Ang trono mo ay matatag simula pa noong una, bago pa ang kasaysayan, ika'y likas na naro'n na.

3Tumataas nga, O Yahweh, ang tubig ng mga ilog, lumalakas ang lagaslas habang sila'y umaagos; maingay na mga alon katulad ay pagkalabog.

4Parang tubig na marami, ang buhos ay parang kulog, malakas pa kaysa alon ng dagat na mayro'ng unos; higit pa sa mga ito si Yahweh na dakilang Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Walang hanggan, O Yahweh, ang lahat ng tuntunin mo, sadyang banal at matatag ang sambahang iyong templo.

## Mga Awit 94

### Diyos ang Siyang Huhusga sa Lahat

1Karapatang magparusa, O Yahweh, ay taglay mo, ipakita mo ngayon ang karapatang ganito.

2Tumayo ka at sa lupa'y igawad ang iyong hatol, ang hambog ay hatulan mo ng parusang nauukol.

3Hanggang kailan kaya, Yahweh, magagalak ang masama? Hanggang kailan ibabantog ang kanilang mga gawa?

4Gaano bang katagal pa ang masama'y maghahambog, upang sila'y magmalaki sa kanilang gawang buktot?

5Kanila ngang nililipol itong mga hinirang mo, Yahweh, inaapi nila mga taong tinubos mo.

6Ang mga ulila, balo't mamamayan ng ibang bansa, pinapatay nila ito at kanilang pinupuksa.

7Madalas na sinasabi, “Hindi kami pansin ni Yahweh, hindi kami nakikita ni pansin ng Diyos ni Jacob.”

8Unawain ninyo, bayan, kayong kulang ang isipan; hanggang kailan pa durunong kayong mga taong mangmang?

9Itong Diyos na lumikha nitong ating mata't tainga, akala ba ninyo'y bingi at ni hindi makakita?

10Sa lahat ng mga bansa di ba siya ang hahatol? Di ba siya'ng guro nila pagkat siya ang marunong?

11Batid ni Yahweh mga plano nating baluktot, katulad lang ng hininga, madaling malagot.

12Mapalad ang mga taong tumatanggap ng pangaral, silang sa iyo'y tumatanggap ng turo sa kautusan.

13Pagkat sila'y magdaranas ng kapahingahan, hanggang yaong masasama'y mahulog sa kanilang hukay.

14Mga lingkod ni Yahweh ay hindi niya iiwanan, itong mga hirang niya'y hindi niya tatalikdan;

15mababalik sa matuwid ang ganap na katarungan, diwang ito ang susundin ng tapat ang pamumuhay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Sino kaya'ng kakampi ko sa pagbaka sa masama? Sino ngayon ang babaka sa masama nilang gawa?

17O Yahweh, kung ako nga ay hindi mo tinulungan, akin sanang kaluluwa'y naroon na sa libingan.

18Kapag aking nagunitang, “Ang paa ko'y dumudulas,” dahilan sa pag-ibig mo, O Yahweh, ako'y tumatatag.

19Kapag ako ay ginugulo ng maraming suliranin, ang wagas na pag-ibig mo ang umaaliw sa akin.

20Sa iyo ba ay papanig mga hukom na masama, na ang laging kapasyaha'y ang hatol na hindi tama?

21Sama-sama silang lagi't ang matuwid ang kalaban, ang hatol sa walang sala ay hatol na kamatayan.

22Ngunit ikaw, O Yahweh, ang sa aki'y nagtatanggol. Ikaw na aking Diyos ang matibay na kanlungan.

23Sa masamang gawa nila ay Diyos ang gaganti, lilipulin niyang lahat, pagkat sila'y di mabuti; ang wawasak sa kanila ay ang Diyos na si Yahweh.

## Mga Awit 95

### Awit ng Pagpupuri kay Yahweh

1Tayo na't lumapit kay Yahweh na Diyos, siya ay awitan, ang batong kublihan, atin ngang handugan, masayang awitan!

2Tayo na't lumapit, sa kanyang presensya na may pasalamat, siya ay purihin, ng mga awiting may tuwa at galak.

3Sapagkat si Yahweh, siya ay dakila't makapangyarihang Diyos, ang dakilang Haring higit pa sa sinuman na dinidiyos.

4Nasa kanyang palad ang buong daigdig, pati kalaliman; ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.

5Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang.

6Tayo na't lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang, lumuhod sa harap ni Yahweh na siyang sa ati'y may lalang.

7Siya ang ating Diyos, at tayo ang bayan sa kanyang pastulan, mga tupang kanyang inaalagaan. At ngayon kanyang salita'y ating pakinggan:

8“Iyang inyong puso'y huwag patigasin, tulad ng ginawa ng inyong magulang nang nasa Meriba, sa ilang ng Masah.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[9]Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang, bagama't nakita ang aking ginawang sila'ng nakinabang.

[10]Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam, ang aking sinabi, ‘Sila ay suwail, walang pakundangan at ang mga utos ko'y ayaw nilang sundin!’

[11]Kaya't sa galit ko, ako ay sumumpang hindi sila makakapasok at makakapagpahinga sa aking piling.”

## Mga Awit 96

**Diyos ang Kataas-taasang Hari**
(1 Cro. 16:23-33)

[1]Purihin natin si Yahweh, awitan ng bagong awit; purihin natin si Yahweh, lahat nang nasa daigdig!

[2]Awitan natin si Yahweh, ngalan niya ay sambahin; araw-araw ang ginawang pagliligtas ay banggitin.

[3]Kahit saa'y ipahayag na si Yahweh ay dakila, sa madla ay ipahayag ang dakila niyang gawa.

[4]Si Yahweh ay tunay na dakila, marapat na papurihan higit sa sinumang diyos, siya'y dapat na igalang.

[5]Ang diyos ng sanlibuta'y pawang mga diyus-diyosan; si Yahweh lang ang maylikha ng buong sangkalangitan.

[6]Siya'y puspos ng karangalan at ng kaluwalhatian; ang lakas niya't kagandahan ay sa templo mamamasdan.

[7]O si Yahweh ay purihin ng lahat sa daigdigan! Purihin ang lakas niya at kanyang kaluwalhatian!

[8]Ang pagpuri ay iukol sa pangalan niyang banal, dumulog sa kanyang templo't maghandog ng mga alay.

[9]Kung si Yahweh ay dumating, sa likas niyang kabanalan, humarap na nanginginig ang lahat sa sanlibutan.

[10]“Si Yahweh ay siyang hari,” sa daigdig ay sabihin, “Sanlibuta'y matatag na, kahit ito ay ugain; sa paghatol sa nilikha, lahat pantay sa paningin.”

[11]Lupa't langit ay magsaya, umugong ang kalaliman, lahat kayo na nilikhang nasa tubig ay magdiwang.

[12]Ang bukirin at ang lahat ng naroon ay sumigaw, pati mga punongkahoy sa galak ay mag-awitan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Si Yahweh ay darating na upang lahat ay hatulan, at kanyang paghahariin ang sakdal na katarungan.

## Mga Awit 97

### Si Yahweh ang Kataas-taasang Hari

1Si Yahweh ay naghahari, magalak ang buong mundo! Magsaya nama't magdiwang, lahat kayong mga pulo!

2Ang paligid niya'y ulap na punô ng kadiliman, kaharian niya'y matuwid at salig sa katarungan.

3Sa unahan niya'y apoy, patuloy na nag-aalab, sinusunog ang kaaway sa matindi nitong ningas.

4Yaong mga kidlat niyang tumatanglaw sa daigdig, kapag iyon ay namasdan, ang lahat ay nanginginig.

5Itong mga kabundukan ay madaling nalulusaw, sa presensya ni Yahweh, Diyos ng sandaigdigan.

6Sa langit ay nahahayag nga ang kanyang katuwiran, sa lupa ay makikita ang kanyang kadakilaan.

7Lahat silang sumasamba sa kanilang diyus-diyosan, mahihiya sa kanilang paghahambog na mainam. Mga diyos nilang ito ay yuyuko sa Maykapal.

8Nagagalak itong Zion, mamamaya'y nagsasaya, nagagalak ang lahat ng mga lunsod nitong Juda, dahilan sa wastong hatol yaong gawad na parusa.

9Ikaw, Yahweh, ay Dakila at hari ng buong lupa, dakila ka sa alinmang mga diyos na ginawa.

10Mahal ni Yahweh ang lahat ng namumuhi sa masama, siya ang nag-iingat sa buhay ng mga lingkod niya; sa kamay ng mga buktot, tiyak na ililigtas niya.

11Sa tapat ang pamumuhay ay sisinag ang liwayway, sa dalisay namang puso maghahari'y kagalakan.

12Kayong mga matuwid, kay Yahweh ay magalak, sa banal niyang pangalan kayo'y magpasalamat.

## Mga Awit 98

### Si Yahweh ang Hari ng Buong Mundo

1Kumanta ng bagong awit at kay Yahweh ay ialay, pagkat mga ginawa niya ay kahanga-hangang tunay! Sa sariling lakas niya at kabanalan niyang taglay, walang hirap na natamo itong hangad na tagumpay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Ang tagumpay ni Yahweh, siya na rin ang naghayag, sa harap ng mga bansa'y nahayag ang pagliligtas.

3Ang pangako sa Israel lubos niyang tinutupad, tapat siya sa kanila at ang pag-ibig ay wagas. Ang tagumpay ng ating Diyos kahit saan ay nahayag!

4Magkaingay na may galak, lahat ng nasa daigdig; si Yahweh ay buong galak na purihin sa pag-awit!

5Sa saliw ng mga lira kayong lahat ay umawit, at si Yahweh ay purihin sa ating mga tugtugin.

6Tugtugin din ang trumpeta na kasaliw ang tambuli, magkaingay sa harapan ni Yahweh na ating Hari.

7Mag-ingay ka, karagatan, at lahat ng lumalangoy, umawit ang buong mundo at lahat ng naroroon.

8Umugong sa palakpakan pati yaong karagatan; umawit ding nagagalak ang lahat ng kabundukan.

9Si Yahweh ay dumarating, maghahari sa daigdig; taglay niya'y katarungan at paghatol na matuwid.

## Mga Awit 99

### Si Yahweh ang Kataas-taasang Hari

1Si Yahweh ay naghahari kaya't sa takot ay, mga tao'y nanginginig, trono'y sa ibabaw ng mga kerubin, kaya daigdig ay nayayanig.

2Si Yahweh'y dakilang tunay, sa Zion o sa mga bansa, si Yahweh ang naghahari sa lahat ng mga nilikha.

3Purihin natin ang banal at dakila niyang ngalan, si Yahweh ay banal!

4Ikaw ay dakilang Hari, umiibig sa katuwiran, ang dulot mo sa Israel ay ganap na katarungan; ang dulot mo sa kanila ay pagtinging pantay-pantay.

5Si Yahweh na ating Diyos ay lubos na parangalan; sa harap ng kanyang trono, tayo ay manambahan! Si Yahweh ay banal!

6Si Moises at si Aaron, na mga pari niya; at si Samuel nama'y lingkod na sa kanya ay sumamba; nang si Yahweh'y dalanginan, dininig naman sila.

7Si Yahweh ay nagsalita sa isang haliging ulap; sila naman ay nakinig, utos niya ay tinupad.

8O Yahweh na aming Diyos, sinagot mo sila agad, at ikaw ay nakilalang Diyos na mapagpatawad; ngunit pinagdurusa mo kung ang gawa'y hindi tumpak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Ang Diyos natin na si Yahweh, dapat nating parangalan, sa banal na bundok niya sambahin ang kanyang ngalan! Si Yahweh na ating Diyos ay banal!

## Mga Awit 100

**Awit ng Pagpupuri**

*Isang Awit ng Pasasalamat.*

1Umawit sa kagalakan ang lahat ng mga bansa!

2Si Yahweh ay papurihan, paglingkuran siyang kusa; lumapit sa presensya niya at umawit na may tuwa!

3O si Yahweh ay ating Diyos! Ito'y dapat na malaman, tayo'y kanya, kanyang lahat, tayong lahat na nilalang; lahat tayo'y bayan niya, kabilang sa kanyang kawan.

4Pumasok sa kanyang templo na ang puso'y nagdiriwang, umaawit, nagpupuri sa loob ng dakong banal; purihin ang ngalan niya at siya'y pasalamatan!

5Napakabuti ni Yahweh, pag-ibig niya'y walang hanggan, pag-ibig niya ay tunay, laging tapat kailanman!

## Mga Awit 101

**Ang Pangako ng Hari**

*Isang Awit na katha ni David.*

1Ang aking awitin ay ang katapatan at ang katarungan; ako'y umaawit patungkol sa iyo, O Yahweh kong mahal;

2ang aking susunding lagi ay ugaling walang kapintasan, kailan ka kaya darating sa aki't ako'y lalapitan? Malinis ang budhing mamumuhay ako sa aking tahanan,

3sa buhay kong ito ang gawang masama'y di ko tutulutan. Ang sinumang taong gawai'y masama, di ko sasamahan, di ko papansinin kung sinuman siyang ang Diyos ay kalaban.

4Aking sisikapin na ang masunod ko'y ang gawaing tapat; maging sa isipan di ko iisipin ang gawang di tumpak.

5Siyang naninira ng kanyang kapwa'y aking wawasakin; di ko papayagan ang mapagmalaking hambog kung tumingin.

6Ang lahat ng taong nagtatapat sa Diyos, ako ay kaisa, sa aking palasyo ay papayagan ko na doon tumira, kung tunay na tapat ay tutulutan ko na maglingkod sila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Sa aking palasyo yaong sinungaling di ko papayagan, sa aking presensya ang mapagkunwari'y di ko tutulutan.

8Lahat ng masama, araw-araw sila'y aking wawasakin; lahat ng masama sa lunsod ni Yahweh ay palalayasin!

## Mga Awit 102

**Panalangin ng Isang Nababagabag na Kabataan**

*Panalangin ng isang dumaranas ng hirap at humihingi ng tulong kay Yahweh.*

1Dinggin mo, O Yahweh, ang aking dalangin, lingapin mo ako sa aking pagdaing.

2O huwag ka sanang magkubli sa akin, lalo sa panahong may dusa't bigatin. Kapag ako'y tumawag, ako'y iyong dinggin sa sandaling iyo'y agad mong sagutin.

3Nanghihina akong usok ang katulad, damdam ko sa init, apoy na maningas.

4Katulad ko'y damong natuyo sa parang, pati sa pagkai'y di ako ganahan.

5Kung ako'y tumaghoy ay ubod nang lakas, yaring katawan ko'y buto na at balat.

6Tulad ko'y mailap na ibon sa ilang, para akong kuwago sa dakong mapanglaw;

7ang aking katulad sa hindi pagtulog, ibon sa bubungang palaging malungkot.

8Sa buong maghapon, ang kaaway ko, nililibak ako, kinukutyang todo; gamit sa pagsumpa'y itong pangalan ko.

9Pagkain ko'y abo at hindi tinapay, luha'y hinahalo sa aking inuman.

10Dahil sa galit mo, aking Panginoon, dinaklot mo ako't iyong itinapon.

11Ang buhay kong taglay ay parang anino; katulad ko ngayo'y natuyo nang damo.

12Ngunit ikaw, Yahweh, ay haring walang hanggan, di ka malilimot ng buong kinapal.

13Ikaw ay mahabag, tulungan ang Zion, pagkat dumating na ang takdang panahon, sa kalagayan niya ay dapat tumulong.

14Mahal pa rin siya ng iyong mga lingkod bagama't nawasak at gumuhong lubos.

15Ang lahat ng bansa kay Yahweh ay takot, maging mga hari sa buong sinukob.

16Itatayong muli ni Yahweh ang Zion, kaluwalhatian niya'y mahahayag doon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Daing ng mahirap ay iyong papakinggan, di mo tatanggihan ang kanilang kahilingan.

18Ito'y masusulat upang matunghayan, susunod na lahing di pa dumarating; ikaw nga, O Yahweh, ang siyang pupurihin.

19Mula sa itaas, sa trono mong banal, ang lahat sa lupa'y iyong minamasdan.

20Iyong dinirinig ang pagtataghuyan ng mga bilanggong ang hatol ay bitay, upang palayain sa hirap na taglay.

21Anupa't ang iyong ngala'y mahahayag, sa Zion, O Yahweh, ika'y itatanyag; at sa Jerusalem pupurihing ganap

22kapag ang mga bansa ay nagsasama-sama sa banal na lunsod upang magsisamba.

23Ako'y pinanghina, sa aking kabataan; pakiramdam ko ay umikli ang buhay.

24Itong aking hibik, O aking Diyos, huwag mo sanang kunin sa ganitong ayos! Ang buhay mo, Yahweh, walang katapusan;

25nang pasimula'y nilikha mo ang sanlibutan, at ang mga kamay mo ang siyang lumikha sa kalangitan.

26Maliban sa iyo, lahat ay lilipas, at tulad ng damit, lahat ay kukupas; sila'y huhubaring parang kasuotan.

27Ngunit mananatili ka't hindi magbabago, walang katapusan ang mga taon mo.

28At ang mga anak ng iyong mga lingkod, mamumuhay namang panatag ang loob; magiging matatag ang kanilang angkan, sa pag-iingat mo, sila'y mananahan.

## Mga Awit 103

**Ang Pag-ibig ng Diyos**

*Awit na katha ni David.*

1Si Yahweh ay papurihan, O aking kaluluwa! At lahat ng nasa aki'y magsipagpuri sa kanya, purihin mo sa tuwina ang banal na ngalan niya.

2Si Yahweh ay papurihan, O aking kaluluwa, at huwag mong kaliligtaan, mabubuti niyang gawa.

3Ang lahat kong kasalana'y siya ang nagpapatawad, at anumang aking sakit, ginagamot niyang lahat.

4Sa bingit ng kamatayan ako ay inililigtas, at pinagpapala ako sa pag-ibig niya't habag.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Sa sarili ang dulot niya'y kasiyahan habang buhay, kaya naman ang lakas ko ay lakas ng kabataan, katulad ng sa agila ang taglay kong kalakasan.

6Si Yahweh ay humahatol, ang gawad ay katarungan; natatamo ng inapi ang kanilang karapatan.

7Mga plano niya't utos kay Moises ibinilin; ang kahanga-hangang gawa'y nasaksihan ng Israel.

8Si Yahweh ay mahabagi't mapagmahal, hindi madaling magalit, wagas ang pag-ibig.

9Banayad nga kung magalit, hindi siya nagtatanim; yaong taglay niyang galit, hindi niya kinikimkim.

10Di katumbas ng pagsuway, kung siya ay magparusa, hindi tayo sinisingil bagama't tayo'y may sala.

11Ang agwat ng lupa't langit, sukatin ma'y hindi kaya, gayon ang pag-ibig ng Diyos, sa may takot sa kanya.

12Kung gaano kalayo ang silangan sa kanluran, gayon din niya inalis sa atin ang ating mga kasalanan.

13Kung paano nahahabag ang ama sa anak niya, gayon siya nahahabag sa may takot sa kanya.

14Alam niya na alabok itong ating pinagmulan, at sa alabok din naman ang ating kahahantungan.

15Ang buhay ng mga tao'y parang damo ang katulad, sa parang ay lumalago na katulad ay bulaklak;

16nawawala't nalalagas, kapag ito'y nahanginan, nawawala na nga ito at hindi na mamamasdan.

17Ngunit ang pag-ibig ni Yahweh ay tunay na walang hanggan, sa sinuman na sa kanya'y may takot at pagmamahal; ang matuwid niyang gawa ay wala ring katapusan.

18At ang magtatamo nito'y ang tapat sa kasunduan, at tapat na sumusunod sa bigay na kautusan.

19Si Yahweh nga ang nagtayo ng trono sa kalangitan; mula doon, sa nilikha'y maghaharing walang hanggan.

20O purihin n'yo si Yahweh, kayong mga anghel ng Diyos, kayong mga nakikinig at sa kanya'y sumusunod!

21Si Yahweh nga ay purihin ng buong sangkalangitan, kayong mga lingkod niyang masunurin kailanman.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22O purihin ninyo siya, kayong lahat na nilalang, sa lahat ng mga dakong naghahari ang Maykapal; O aking kaluluwa, si Yahweh ay papurihan!

## Mga Awit 104

**Awit ng Pagpuri sa Diyos na Manlilikha**

1Papurihan mo si Yahweh, O aking kaluluwa! Ikaw, Yahweh na aking Diyos, kay dakila mong talaga! Karangala't kamahalan, lubos na nadaramtan ka.

2O Diyos, kayo po ay puspos ng maningning na liwanag, kalangita'y parang tolda, na kamay mo ang nagladlad.

3Ang ginawa mong tahanan ay ang tubig sa itaas, ang karo mong sinasakyan ay ang papawiring-ulap, sa pakpak ng mga hangin ay doon ka lumalakad.

4Tagahatid ng balita ay hangin ding sumisimoy, at kidlat na matatalim ang lingkod mong tumutulong.

5Ikaw na rin ang nagtayo ng saligan nitong lupa, matatag na ginawa mo't hindi ito mauuga.

6Ang ibabaw ng saliga'y ginawa mong karagatan, at tubig din ang bumalot sa lahat ng kabundukan.

7Ngunit noong magalit ka, itong tubig ay tumakas, nang marinig ang sigaw mo, tumilapon agad-agad.

8Bumuhos sa kabundukan, umagos sa kapatagan, natipon sa isang dako't naging isang karagatan,

9matapos, ang ginawa mo'y naglagay ka ng hangganan, upang itong kalupaa'y di na muling laganapan.

10Lumilikha ka ng ilog na patungong kapatagan, sa gilid ng mga burol, umaagos na marahan.

11Kaya kahit na sa ilang ang hayop na naroon, maging hayop na mailap may tubig na naiinom.

12Sa naroong kakahuya'y umaawit na masaya, mga ibo'y nagpupugad sa malabay nilang sanga.

13Magmula sa kalangitan, mga bundok ay nadilig, ibinuhos ang pagpapala't lumaganap sa daigdig.

14Tumubo ang mga damong pagkain ng mga baka, nagkaroon ng halamang masaganang namumunga; anupa't ang mga tao'y may pagkaing nakukuha.

15Mayroong ubas na inumin kaya tao'y masasaya, may langis pa ng olibong nagdudulot ng ligaya, at tinapay na pagkaing pampalakas sa tuwina.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Ang mga kahoy ni Yahweh, masaganang nadidilig, mga sedar ng Lebanon,
kayo mismo ang nagtanim.

17Sa malagong mga puno at malabay nitong sanga, mga ibo'y nagpupugad,
doon sila tumitira.

18Yaong mga kambing-gubat nagkalat sa kabundukan, sa bitak ng mga bato
ang kuneho nananahan.

19Ang buwan ay nababatid sa buwan ding iyong likha, araw nama'y
lumulubog sa oras na itinakda.

20Lumikha ka nitong dilim, at gabi ang itinawag, kung gumabi gumigising ang
hayop na maiilap.

21Umuungal itong leon, samantalang humahanap ng kanyang makakain na
sa Diyos din nagbubuhat.

22Kung sumapit ang umaga, dala nito kanyang huli, pumupunta sa tagua't
doon siya nangungubli;

23samantalang itong tao humahayo sa gawain, sa paggawang walang tigil
inaabot na ng dilim.

24Sa daigdig, ikaw, Yahweh, kay rami ng iyong likha! Pagkat ikaw ay
marunong kaya ito ay nagawa, sa dami ng nilikha mo'y nakalatan itong lupa.

25Nariyan ang mga lawa't malawak na karagatan, malalaki't maliliit na isda ay
di mabilang.

26Iba't ibang mga bapor ang dito ay naglalakbay, samantalang ang
Leviatang nilikha mo'y kaagapay.

27Lahat sila'y umaasa, sa iyo ay nag-aabang, umaasa sa pagkain na kanilang
kailangan.

28Ang anumang kaloob mo ay kanilang tinatanggap, mayro'n silang
kasiyahan pagkat bukás ang iyong palad.

29Kapag ika'y lumalayo labis silang nangangamba, takot silang mamatay
kung lagutin mo ang hininga; mauuwi sa alabok, pagkat doon sila mula.

30Taglay mo ang katangiang buhay nila ay ibalik, bagumbuhay ay dulot mo
sa nilikha sa daigdig.

31Sana ang iyong karangala'y manatili kailanman, sa lahat ng iyong likha ang
madama'y kagalakan.

32Nanginginig ang nilikha, kapag titig mo sa daigdig, ang bundok na hipuin
mo'y umuusok, nag-iinit.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

33Aawitan ko si Yahweh, palagi kong aawitan, siya'y aking pupurihin habang ako'y nabubuhay.

34Ang awit ng aking puso sana naman ay kalugdan, pagkat ako'y nagagalak, nagpupuri sa Maykapal.

35Ang lahat ng masasama sana'y alisin sa daigdig, ang dapat ay lipulin na upang sila ay maalis. Si Yahweh ay purihin mo, aking kaluluwa! Purihin si Yahweh!

## Mga Awit 105

**Awit sa Paggunita sa Kasaysayan ng Bansang Israel**
(1 Cro. 16:8-22)

1Dapat na si Yahweh, ating Panginoon, ay pasalamatan, ang kanyang ginawa sa lahat ng bansa'y dapat ipaalam.

2Siya ay purihin, handugan ng awit, ating papurihan, ang kahanga-hangang mga gawa niya'y dapat na isaysay.

3Tayo ay magalak yamang lahat tayo ay tunay na kanya, ang kanyang pangalan, ang pangalang banal, napakadakila, lahat ng may nais maglingkod kay Yahweh, dapat na magsaya.

4Siya ay hanapin, at ang kanyang lakas ay siyang asahan, siya ay hanapin upang mamalagi sa kanyang harapan.

5Ating gunitain ang kahanga-hanga niyang mga gawa, ang kanyang paghatol, gayon din ang kanyang ginawang himala.

6Ito'y nasaksihan ng mga alipi't anak ni Abraham, gayon din ng lahat na anak ni Jacob na kanyang hinirang.

7Ang Diyos na si Yahweh ang Panginoon, siya ang ating Diyos, sa kanyang paghatol ang nasasaklaw, buong sansinukob.

8Ang tipang pangako'y laging nasa isip niya kailanman, ang mga pangakong kanyang binitiwan sa lahat ng angkan.

9Ang tipan ng Diyos ay unang ginawa niya kay Abraham, at may pangako ring ginawa kay Isaac na lingkod na mahal;

10sa harap ni Jacob, ang pangakong ito'y kanyang pinagtibay, para sa Israel, ang tipan na ito ay pangwalang-hanggan.

11Sinabi ng Diyos, “Ang lupang Canaa'y ikaw ang kukuha, bilang bahagi mo sa aking pangako na ipapamana.”

12Nang panahong iyon sila ay iilan, hindi pa marami, kaya sa lupaing tinirhan nila'y hindi nanatili.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Tulad nila noon ay taong lagalag na palipat-lipat, kung saang lupalop, mga kaharian sila napasadlak.

14Sinuman ay hindi niya tinulutang sila'y alipinin, ang haring magtangka na gumawa nito ay pananagutin.

15Ang sabi ng Diyos di dapat apihin ang kanyang hinirang, ang mga propetang mga lingkod niya'y hindi dapat saktan.

16Sa lupain nila'y mayroong taggutom na ipinarating itong Panginoon, kung kaya nagdahop sila sa pagkain.

17Subalit ang Diyos sa unahan nila'y may sugong lalaki, tulad ng alipin, ibinenta nila ang batang si Jose;

18mga paa nito'y nagdanas ng hirap nang maikadena, pinapagkuwintas ng kolyar na bakal pati leeg niya.

19Hanggang sa dumating ang isang sandali na siya'y subukin nitong si Yahweh, na siyang nangakong siya'y tutubusin.

20Ang ginamit ng Diyos ay isang hari upang lumaya, pinalaya siya nitong haring ito na namamahala.

21Doon sa palasyong tahanan ng hari pinapamahala, sa buong lupain, si Jose'y ginawa niyang katiwala.

22Siya'ng sinusunod ng mga prinsipe doon sa palasyo, siya ang pag-asa ng mga matandang ang gawa'y magpayo.

23Sa bansang Egipto, itong si Israel ay doon nagpunta, sa lupain ni Ham, ang nunong si Jacob ay doon tumira.

24Ginawa ni Yahweh ay kusang pinarami ang kanyang hinirang, pinalakas ito, higit pa sa lakas ng mga kaaway.

25Tinulutan niyang doon sa Egipto sila ay itakwil, ipinabusabos at pinahirapan nang gawing alipin.

26Saka inutusan itong si Moises, sinugo ng Diyos, sinugo rin niya pati si Aaron, ang piniling lingkod.

27Sa bansang Egipto'y maraming himalang ginampanan sila, sa utos ng Diyos, maraming himalang doon ay nakita.

28Ang isang ginawa niya'y pinadilim sa buong lupain, ang ginawang ito'y hindi inintindi ni hindi pinansin.

29Ang ilog at batis ay kanyang ginawang dugong dumadaloy, pawang nangamatay ang lahat ng isdang doo'y lumalangoy.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Napuno ng mga palakang kay rami ang buong lupain, maging mga silid ng
mahal na hari ay may palaka rin.

31Sa utos ng Diyos ay maraming niknik ang biglang sumipot, sa lahat ng dako
kay rami ng langaw, gayon din ng lamok.

32Sa halip na tubig, ay maraming yelo ang nagsilbing ulan, ang kulog at kidlat
ay sala-salabat nilang nasaksihan.

33Ang mga ubasan, mga punongkahoy katulad ng igos, ay kanyang nilagas,
mga bunga nito'y hindi na nahinog.

34Isang utos lamang at biglang dumating ang maraming balang, langit ay
nagdilim sa dinami-rami ay hindi mabilang.

35Lahat ng gulayin at mga halaman sa buong lupain, sinira ng balang, mga
bunga nito'y kanilang kinain.

36Ang mga panganay sa buong Egipto ay kanyang pinatay, kaya sa Egipto,
noon ay naubos ang mga panganay.

37Pagkatapos nito, ang bayang Israel kanyang inilabas, malulusog sila't
lumabas na dala'y mga ginto't pilak.

38Pawang nangatuwa ang mga Egipcio nang sila'y umalis, pagkat natakot na
sa mga pahirap nilang tinitiis.

39Ang naging patnubay nila sa paglakad, kung araw ay ulap, at kung gabi
naman ay haliging apoy na nagliliwanag.

40Nang sila'y humingi niyong makakain, pugo ang nakita, at buhat sa langit,
sila ay binusog ng maraming manna.

41Sa bitak ng bato, bumukal ang tubig nang sila'y mauhaw, pinadaloy niyang
katulad ay ilog sa gitna ng ilang.

42Nagunita ng Diyos ang kanyang ginawang mahalagang tipan, ang pangako
niya sa tapat na lingkod niyang si Abraham.

43Kaya't ang bayan niya'y kanyang inilabas na lugod na lugod, nang kanyang
ialis, umaawit sila nang buong alindog.

44Ang mga hinirang ay binigyan niya ng lupang malawak, sila ang nag-ani sa
lupaing iyong iba ang naghirap.

45Ginawa niya ito upang ang tuntuni'y kanilang mahalin, yaong kautusan, ang
utos ni Yahweh ay kanilang sundin. Purihin si Yahweh!

## Mga Awit 106

### Ang Kabutihan ni Yahweh sa Israel

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1 Purihin si Yahweh! Pasalamatan siya sa kanyang kabutihan! Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman.

2 Sinong mangangahas upang magpahayag na siya'y dakila? Sino ang pupuri at magpapahayag ng kanyang ginawa?

3 At dapat magalak ang sinumang tao na makatarungan, na gawang matuwid ang adhika sa buo niyang buhay.

4 Tulungan mo ako, kapag ang bayan mo'y iyong nagunita, sa pagliligtas mo, ang abâ mong lingkod isama mo sana;

5 upang makita ko ang pag-unlad nila na iyong hinirang, kasama ng iyong bansang nagagalak, ako'y magdiriwang.

6 Nagkasala kami, tulad ng ginawa ng aming magulang, ang aming ginawa'y tunay na di tama, pawang kasamaan.

7 Ang magulang namin nang nasa Egipto, di nagpahalaga sa kahanga-hangang mga ginawa mong kanilang nakita; ni hindi pinansin ang iyong pag-ibig na walang kagaya, bagkus ang ginawa sa Dagat na Pula'y nilabanan ka pa.

8 Sa kabila nito, gaya ng pangako, sila'y iniligtas, upang ipadama na ang Panginoo'y dakila't malakas.

9 Nang siya'y mag-utos, ang Dagat na Pula ay natuyong bigla, sila'y itinawid na ang dinaanan ay tuyo nang lupa.

10 Sila'y iniligtas sa pagpapahirap ng mga kaaway, iniligtas sila sa kapangyariha't lakas ng kalaban.

11 Yaong nagsihabol, pawang nangalunod sa gitna ng dagat, lahat sa kanila'y nilulon ng tubig, walang nakaligtas.

12 Nang ito'y nakita, niyong mga lingkod mo na bayang hinirang, sila'y naniwala sa iyong pangako at nagpuring tunay.

13 Parang ningas-kugon, ang lahat ng ito'y kaagad nilimot, sariling balangkas ang sinunod nila, hindi ang sa Diyos.

14 Habang nasa ilang, ang sariling hilig ang siyang sinunod, sa ilang na iyo'y kinalaban nila't sinubok ang Diyos.

15 Ang hiniling nila'y hindi itinanggi, kanilang nakamit, ngunit pagkatapos, sila'y dinapuan ng malubhang sakit.

16 Sila ay nagselos kay Moises habang nasa ilang, at kay Aaron, ang banal na lingkod na si Yahweh ang humirang.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Sa ginawang ito, nagalit ang Diyos, bumuka ang lupa, si Datan, Abiram, pati sambahaya'y natabunang bigla.

18Sa kalagitnaan nila'y itong Diyos, lumikha ng sunog, at ang masasamang kasamahan nila ay kanyang tinupok.

19Sa may Bundok ng Sinai, doon ay naghugis niyong gintong guya, matapos mahugis ang ginawa nila'y kanilang sinamba.

20Ang dakilang Diyos ay ipinagpalit sa diyos na nilikha, sa diyos na baka na ang kinakain ay damong sariwa.

21Kanilang nilimot ang Diyos na si Yahweh, ang Tagapagligtas, ang kanyang ginawa doon sa Egipto'y kagila-gilalas.

22Sa lupaing iyon ang ginawa niya'y tunay na himala. Sa Dagat na Pula yaong nasaksihan ay kahanga-hanga.

23Ang pasya ng Diyos sa ginawa nila'y lipulin pagdaka, agad na dumulog kay Yahweh si Moises, namagitan siya, at hindi natuloy iyong kapasyahan na lipulin sila.

24Ang lupang-pangarap na ipinangako'y kusang tinanggihan, dahilan sa sila'y hindi naniwala sa pangakong tipan.

25Sa loob ng tolda ay nagrereklamo at puro pa angal, at hindi nila pinakinggan tinig ni Yahweh, Diyos na banal.

26Sa ginawang iyon, nagalit ang Diyos, siya ay sumumpang sila'y lilipulin, mamamatay sa gitna ng ilang.

27Sila'y ikakalat, dadalhin sa bansa niyong mga Hentil, sa lugar na iyon, mamamatay sila sa pagkaalipin.

28Sila'y nakiisang sa Baal ng Beor ay doon sumamba, ang mga pagkain na handog sa patay ang pagkain nila.

29Sa inasal nila'y nagalit si Yahweh, naging pasya'y ito: Dinalhan ng peste, pawang nagkamatay ang maraming tao.

30Sa galit ni Finehas taong nagkasala ay kanyang pinatay, kung kaya nahinto ang salot na iyon na nananalakay.

31Magmula nga noon, at magpakailanman, di malilimutan ang ginawang ito'y di na malilimot nitong kanyang bayan.

32At itong si Yahweh, kanilang ginalit sa Bukal Meriba, nalagay sa gipit itong si Moises dahil sa kanila.

33Sa ginawa nila ay lubhang nasaktan ang kanyang damdamin, dahas ng salitang nagmula sa bibig ay hindi napigil.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

34Di nila nilipol ang lahat ng taong naro'n sa Canaan, bagama't ito'y iniutos ni Yahweh na dapat gampanan.

35Sa halip na sundin ang utos ng Diyos, bagkus nakisama, at maling gawain ng mga pagano ang sinunod nila.

36Ang diyus-diyosan ang sinamba nila at pinaglingkuran, sa ginawang ito, sila ang nagkamit ng kaparusahan.

37Pati anak nilang babae't lalaki'y inihaing lubos, sa diyus-diyosan, mga batang ito ay ginawang handog.

38Ang pinatay nila'y mga batang musmos, batang walang malay para ipanghandog sa diyus-diyosan ng lupang Canaan, kaya't ang lupain sa ginawa nila'y pawang nadungisan.

39Ang sarili nila yaong nadungisan sa gayong ginawa, sa Diyos na si Yahweh sila ay nagtaksil at pawang sumamâ.

40Kaya naman muli, si Yahweh'y nagalit sa mga hinirang, siya ay nagdamdam sa ginawa nilang pawang kataksilan.

41Sa bansang kaaway itong bayan niya'y ipinaubaya, sila ay nasakop at ang mga Hentil ay siyang namahala.

42Inalipin sila at pinahirapan ng mga kaaway, pinasuko sila't ipinailalim sa kapangyarihan.

43Hindi na miminsan, marami nang beses iniligtas sila, naghimagsik pa rin, kaya naman sila'y lalong nagkasala.

44Gayunman, hindi rin tinitiis ng Diyos, kapag nananambitan, diniriniig niya't sa taglay na hirap kinahahabagan.

45Diniriniig sila at inaalaala kanyang kasunduan, nahahabag siya dahilan sa wagas niyang pagmamahal.

46Maging ang sumakop sa mga hinirang ay nangahahabag din, sapagkat si Yahweh ang siyang nag-utos na iyon ang gawin.

47Iligtas mo kami, O Yahweh, aming Diyos, Panginoon namin, saanman naroon ang mga anak mo ay muling tipunin, upang ang ngalan mo ay pasalamata't aming dakilain.

48Purihin si Yahweh, ang Diyos ng Israel, purihin siya, ngayon at magpakailanman! Ang lahat ng tao ay magsabing, “Amen!” Purihin si Yahweh!

## Mga Awit 107

**IKALIMANG AKLAT**
***(Mga Awit 107–150)***

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

**Awit ng Pagpapasalamat sa Kabutihan ng Diyos**

1Purihin si Yahweh sa kanyang kabutihan! Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman.

2Lahat ng niligtas, tinubos ni Yahweh, bayaang magpuri, mga tinulungan, upang sa problema, sila ay magwagi.

3Sa sariling bayan, sila ay tinipo't pinagsama-sama, silanga't kanluran timog at hilaga, ay doon kinuha.

4Mayro'ng naglumagak sa ilang na dako, at doon nanahan, sapagkat sa lunsod ay wala nang lugar silang matirahan.

5Wala nang makain kaya't sila'y nagutom, nauhaw na lubha, ang katawan nila ay naging lupaypay, labis na nanghina.

6Nang sila'y magipit, kay Yahweh, sila ay tumawag, at dininig naman sa gipit na lagay, sila'y iniligtas.

7Inialis sila sa lugar na iyon at pinatnubayan, tuwirang dinala sa payapang lunsod at doon tumahan.

8Kaya dapat namang kay Yahweh ay magpasalamat, dahil sa pag-ibig at kahanga-hanga niyang pagliligtas.

9Mga nauuhaw ay pinapainom upang masiyahan, mga nagugutom ay pawang binubusog sa mabuting bagay.

10Sa dakong madilim, may mga nakaupo na puspos ng lungkot, bilanggo sa dusa, at sa kahirapan sila'y nagagapos.

11Ang dahilan nito— sila'y naghimagsik, lumaban sa Diyos; mga pagpapayo ng Kataas-taasan ay hindi sinunod.

12Nahirapan sila, pagkat sa gawain sila'y hinagupit; sa natamong hirap, nang sila'y bumagsak ay walang lumapit.

13Sa gitna ng hirap, kay Yahweh sila ay tumawag; at dininig naman yaong kahilingan na sila'y iligtas.

14Sa dakong madilim, sila ay hinango sa gitna ng lungkot, at ang tanikala sa kamay at paa ay kanyang nilagot.

15Kaya dapat namang kay Yahweh ay magpasalamat, dahil sa pag-ibig at kahanga-hanga niyang pagliligtas.

16Winawasak niya, maging mga pinto na yari sa tanso, ang rehas na bakal ay nababaluktot kung kanyang mahipo.

17May nangagkasakit, dahil sa kanilang likong pamumuhay; dahil sa pagsuway, ang dinanas nila'y mga kahirapan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Anumang pagkain na makita nila'y di na magustuhan, anupa't sa anyo, di
na magluluwat ang kanilang buhay.

19Sa ganoong lagay, sila ay tumawag kay Yahweh, tinulungan sila at sa
kahirapan, sila ay tinubos.

20Sa salita lamang na kanyang pahatid sila ay gumaling, at naligtas sila sa
kapahamakang sana ay darating.

21Kaya't dapat namang kay Yahweh ay magpasalamat, dahil sa pag-ibig at
kahanga-hanga niyang pagliligtas.

22Dapat ding dumulog, na dala ang handog ng pasasalamat, lahat ng ginawa
niya'y ibalita, umawit sa galak!

23Mayroong naglayag na lulan ng barko sa hangad maglakbay, ang tanging
layunin kaya naglalayag, upang mangalakal.

24Nasaksihan nila ang kapangyarihan ni Yahweh, ang kahanga-hangang
ginawa ni Yahweh na hindi maarok.

25Nang siya'y mag-utos, nagngalit ang dagat, hangin ay lumakas, lumaki ang
alon na kung pagmamasdan, ay pagkatataas.

26Ang sasakyan nila halos ay ipukol mula sa ibaba, kapag naitaas ang
sasakyang ito'y babagsak na bigla; dahil sa panganib, ang pag-asa nila ay
halos mawala.

27Ang kanilang anyo'y parang mga lasing na pahapay-hapay, dati nilang
sigla't mga katangia'y di pakinabangan.

28Nang nababagabag, kay Yahweh sila ay tumawag, dininig nga sila at sa
kahirapan, sila'y iniligtas.

29Ang bagyong malakas, pinayapa niya't kanyang pinatigil, pati mga alon, na
naglalakihan ay tumahimik din.

30Nang tumahimik na, sila ay natuwa, naghari ang galak, at natamo nila ang
kanilang pakay sa ibayong dagat.

31Kaya't dapat namang kay Yahweh ay magpasalamat, dahil sa pag-ibig at
kahanga-hanga niyang pagliligtas.

32Itong Panginoon ay dapat itanghal sa gitna ng madla, dapat na purihin sa
kalipunan man ng mga matanda.

33Nagagawa niyang tuyuin ang ilog na tulad ng ilang, maging mga batis ay
nagagawa ring parang lupang tigang.

34Ang lupang mataba, kung kanyang ibigi'y nawawalang saysay, dahilan sa
sama ng mga nilikhang doo'y nananahan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

35Kahit naman ilang, nagagawa niyang matabang lupain, nagiging batisang sagana sa tubig ang tuyong lupain.

36Sa lupaing iyon, ang mga nagugutom doon dinadala, ipinagtatayo ng kanilang lunsod at doon titira.

37Sila'y nagbubukid, nagtatanim sila ng mga ubasan, umaani sila ng saganang bunga, sa lupang tinamnan.

38Sila'y pinagpala't lalong pinarami ang kanilang angkan, at dumarami rin pati mga baka sa kanilang kawan.

39Kapag pinahiya ang bayan ng Diyos at nalupig sila, ang bansang sumakop na nagpapahirap at nagpaparusa,

40sila'y susumbatan nitong Panginoo't ang kanyang gagawin, ikakalat sila sa hindi kilalang malayong lupain.

41Ngunit itataas ang nangagdurusa't laging inaapi, parang mga kawan, yaong sambahayan nila ay darami.

42Nakikita ito ng mga matuwid kaya nagagalak, titikom ang bibig ng mga masama at taong pahamak.

43Kayong matalino, ang bagay na ito'y inyong unawain, pag-ibig ni Yahweh na di kumukupas ay inyong tanggapin.

## Mga Awit 108

### Papuri at Panalangin ng Tagumpay

(Awit 57:7-11; 60:5-12)

*Awit ni David.*

1Nahahanda ako ngayon, O Diyos, ako ay handa na, na magpuri at umawit ng awiting masisigla! Gumising ka, kaluluwa, gumising ka at magsaya!

2O magsigising na nga kayo, mga lira at alpa; tumugtog na at hintayin ang liwayway ng umaga.

3Sa gitna ng mga bansa kita'y pasasalamatan, Yahweh, ika'y pupurihin sa gitna ng mga hirang.

4Pag-ibig mong walang maliw ay abot sa kalangitan, nadarama sa itaas ang lubos mong katapatan.

5Sa ibabaw ng mga langit, ikaw ay itatanghal, at dito naman sa daigdig ang iyong kaluwalhatian.

6Sa taglay mong kalakasan kami sana ay iligtas, upang kaming iyong lingkod ay hindi na mapahamak; dinggin mo ang dalangin ko kapag ako'y tumatawag.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Sinabi nga nitong Diyos mula sa tronong luklukan, “Hahatiin ko ang Shekem,
bilang tanda ng tagumpay, paghahati-hatiin ko ang Sucot na kapatagan,
matapos na gawin ito'y ibibigay sa hinirang.

8Ang Gilead at Manases, dal'wang dakong ito'y akin, magsisilbing helmet ko
itong lugar ng Efraim; samantalang itong Juda ay setrong dadakilain.

9Ang Moab ay isang lugar na gagawin kong hugasan, samantalang itong
Edom ay lupa kong tatapakan; doon naman sa Filistia, tagumpay ko'y
isisigaw.”

10Sino kaya ang sasama sa lakad ko, Panginoon? Sa lunsod na mayroong
kuta, sino'ng maghahatid ngayon? Sino kaya'ng magdadala sa akin sa
lupang Edom?

11Dahil kami'y itinakwil, hindi mo na pinapansin. Kung ikaw ay di kasama,
paano ang hukbo namin?

12O Diyos, kami'y tulungan mo sa paglaban sa kaaway, pagkat ang tulong ng
tao ay walang kabuluhan.

13Kung ang Diyos ang kasama, kasama sa panig namin, matatamo ang
tagumpay, ang kaaway tatalunin.

## Mga Awit 109

**Panalangin Upang Iligtas Laban sa Masasama**

*Isang Awit na katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1Pinupuri kita; O Diyos, huwag ka sanang manahimik,

2ako ngayo'y nilulusob niyong mga malulupit, mga taong sinungaling na
manira lang ang nais.

3Kay rami ng sinasabing pangungusap na di tunay, kinakalaban nga ako kahit
walang madahilan.

4Bagaman sila'y minahal ko, masama rin ang paratang, kahit ko pa idalangin,
masama pa rin yaong bintang.

5Sa mabuting ginawa ko, iginanti ay masama, kapalit ng pag-ibig ko ay galit
at alipusta.

6Ang itapat mo sa kanya'y masama ring tulad niya, kaaway ang pausigin,
nang magtamo ng parusa,

7pagkatapos na malitis, bayaan mo na magdusa, kahit siya manalangin,
huwag mo nang dinggin pa.

8Ang dapat ay paikliin tinataglay niyang buhay, kuhanin ng ibang tao maging
kanyang katungkulan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Silang mga anak niya ay dapat na maulila, hayaan mong maging biyuda,
itong giliw nilang ina.

10Bayaan ang mga supling, maglakad at mamalimos, sa nawasak na tahanan
palayasin silang lubos.

11Ang lahat ng yaman niya'y ilitin ng nagpautang, agawin ng ibang tao, ang
bunga ng pagpapagal.

12Hindi siya nararapat kahabagan nino pa man, kahit anak na ulila sa hirap
ay pabayaan.

13Pati angkan niya't lahi, ay bayaang mamatay, sa sunod na lahi niya, ngalan
niya ay maparam.

14Gunitain sana ni Yahweh ang sala ng kanyang angkan, at ang sala nitong
ina ay di dapat malimutan.

15Huwag din sanang malimutan ni Yahweh ang sala nila, ngunit sila naman
mismo ay dapat na malimot na!

16Pagkat mga taong iyo'y wala namang natulungan, bagkus pa ang mahirap
inuusig, pinapatay.

17Mahilig sa pagsumpa, kaya dapat na sumpain, yamang ayaw na magpala,
di dapat pagpalain.

18Ang pagsumpa sa kapwa sa kanya ay parang damit, kasuotang oras-oras
nagagawa ang magbihis; sana'y siya ang ginawin, katulad ng nasa tubig
tumagos sa buto niya, iyong sumpang parang langis.

19Sana'y maging kasuotang nakabalot sa katawan, na katulad ng sinturong
nakabigkis araw-araw.

20Ang ganitong kaaway ko, Yahweh, iyong parusahan, sa dami ng ginagawa't
sinasabing kasamaan.

21Katulad ng pangako mo, Yahweh, ako ay tulungan, yamang ika'y
mapagmahal, ako'y ipagtanggol naman.

22Pagkat ako ay mahirap, laging nangangailangan, labis akong naghihirap sa
ganitong kalagayan.

23Anino ang katulad ko na kung gabi'y nawawala, parang balang na lumipad,
kapag ako ay inuga.

24Mahina na ang tuhod ko, dahilan sa di pagkain, payat na ang katawan ko,
buto't balat sa paningin.

25Ang sinumang makakita sa akin ay nagtatawa, umiiling silang lahat kapag
ako'y nakikita.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Tulungan mo ako, Yahweh, sana naman ay iligtas, dahilan sa pag-ibig mong matatag at di kukupas.

27Bayaan mong makilala na ikaw ang nahahabag, ipakita sa kaaway na ikaw ang nagliligtas.

28Ako'y iyong pagpalain, kung kanilang sinusumpa, sa kanilang pag-uusig bayaan mong mapahiya; ako namang iyong lingkod mabubuhay na may tuwa.

29Silang mga nang-uusig, bayaan mong mabahala, ang damit ng kahihiyan, isuot mo sa kanila.

30Kay Yahweh ay buong puso akong magpapasalamat, sa gitna ng karamiha'y magpupuri akong ganap;

31pagkat siya'y laging handang tumulong sa mahihirap, na lagi nang inuusig at ang gusto'y ipahamak.

## Mga Awit 110

**Si Yahweh at ang Piniling Hari**

*Isang Awit na katha ni David.*

1Sinabi ni Yahweh, sa aking Panginoon, "Maupo ka sa kanan ko, hanggang lubusan kong mapasuko sa iyo ang mga kaaway mo."

2Magmula sa dakong Zion, ay palalawakin niya ang lupaing iyong sakop; "At lahat ng kaaway mo'y sakupin at pagharian," gayon ang kanyang utos.

3Sasamahan ka ng madla, kung dumating ang panahong lusubin ka ng kaaway; magmula sa mga bundok, lalabas at sasamahan ka ng mga kabataan.

4Si Yahweh ay may pangako at ang kanyang sinabi, hinding-hindi magbabago: "Ikaw ay pari magpakailanman, ayon sa pagkapari ni Melquisedec."

5Si Yahweh ay naroroong nakaupo sa kanan mo, at kapag siya ay nagalit, ang lahat ng mga hari ay tiyak na malulupig.

6Siya'y hukom na hahatol sa lahat ng mga bansa; sa labanang walang puknat, marami ang malalagas! Sapagkat ang mga hari'y lulupigin niyang lahat.

7Sa batis sa lansangan, itong hari ay iinom, at sisigla ang katawan; sa lakas na tataglayin, matatamo ang tagumpay.

## Mga Awit 111

**Awit ng Pagpupuri sa Kadakilaan ni Yahweh**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Purihin si Yahweh! Buong puso siyang pasasalamatan, aking pupurihin sa gitna ng bayan kasama ng mga lingkod na hinirang.

2Ang mga gawa ni Yahweh, tunay napakadakila, mga nalulugod sa kanya, lagi itong inaalala;

3lahat niyang gawa'y dakila at wagas, katuwiran niya'y hindi magwawakas.

4Hindi maaalis sa ating gunita, si Yahweh ay mabuti't mahabaging lubha.

5Ang sa kanya'y gumagalang pagkain ay sagana; pangako ni Yahweh ay di nasisira.

6Ipinadama niya sa mga hinirang, ang kapangyarihan niyang tinataglay, nang ibigay niya lupa ng dayuhan.

7Ang gawa ng Diyos, matuwid at tapat, at maaasahan lahat niyang batas.

8Ito ay lalagi at di magwawakas, pagkat ang saliga'y totoo't matapat.

9Kaligtasa'y dulot sa mga hinirang, may ipinangakong walang hanggang tipan; Banal at dakila ang kanyang pangalan!

10Ang pagsunod at paggalang kay Yahweh'y simula ng karunungan. Taong masunurin, pupurihing lubos. Purihin ang Diyos magpakailanman!

## Mga Awit 112

### Mapalad ang Mabuting Tao

1Purihin si Yahweh! Mapapalad ang tao na kay Yahweh ay gumagalang, at taos-pusong sumusunod sa kanyang kautusan.

2Ang kanyang lipi'y magiging dakila, pati mga angkan ay may pagpapala.

3Magiging sagana sa kanyang tahanan, pagpapala niya'y walang katapusan.

4Ang taong matuwid, may bait at habag, kahit sa madilim taglay ay liwanag.

5Ang mapagpautang nagiging mapalad, kung sa hanapbuhay siya'y laging tapat.

6Hindi mabibigo ang taong matuwid, di malilimutan kahit isang saglit.

7Masamang balita'y hindi nagigitla, matatag ang puso't kay Yahweh'y tiwala.

8Wala siyang takot, hindi nangangamba, alam na babagsak ang kaaway niya.

9Nagbibigay sa mga nangangailangan, pagiging mat'wid niya'y walang hanggan, buong karangalang siya'y itataas.

10Kung makita ito ng mga masama, lumalayas silang mabagsik ang mukha; pagkat ang pag-asa'y lubos nang nawala.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

## Mga Awit 113

### Awit ng Pagpupuri kay Yahweh

1Purihin si Yahweh! Dapat na magpuri ang mga alipin, ang ngalan ni Yahweh ay dapat purihin.

2Ang kanyang pangalan ay papupurihan, magmula ngayo't magpakailanman,

3buhat sa silangan, hanggang sa kanluran, ang ngalan ni Yahweh, dapat papurihan.

4Siya'y naghahari sa lahat ng bansa, lampas pa sa langit ang pagkadakila.

5Sino bang katulad ng Diyos na si Yahweh, na sa kalangitan doon nakaluklok?

6Buhat sa itaas siya'y tumutunghay, ang lupa at langit kanyang minamasdan.

7Mula kapanglawa'y itong mahihirap, kanyang itinataas, kanyang nililingap.

8Sa mga prinsipe ay isinasama, sa mga prinsipe nitong bayan niya.

9Ang babaing baog pinagpapala niya, binibigyang anak para lumigaya. Purihin si Yahweh!

## Mga Awit 114

### Awit ng Paggunita sa Exodo

1Ang bayang Israel sa bansang Egipto'y kanyang inilabas, nang ang lahing ito sa bansang dayuhan lahat ay lumikas.

2Magmula na noon ang lupaing Juda'y naging dakong banal, at bansang Israel ginawa ng Diyos na sariling bayan.

3Ang Dagat ng Tambo, nang ito'y makita, nagbigay ng daan, magkabilang panig ng Ilog ng Jordan ay tumigil naman.

4Maging mga bundok, katulad ng tupa, ay pawang nanginig, pati mga burol, nanginig na parang tupang maliliit.

5Ano ang nangyari, at ikaw, O dagat, nagbigay ng daan? Ikaw, Ilog Jordan, bakit ang tubig mo ay tumigil naman?

6Kayong mga bundok, bakit parang kambing na nagsisilundag? Kayong mga burol, maliit na tupa'y inyo namang katulad?

7Ikaw, O daigdig, sa harap ni Yahweh, ngayon ay manginig, dapat kang matakot sapagkat darating ang Diyos ni Jacob,

8sa malaking bato nagpabukal siya ng saganang tubig, at magmula roon ang tubig na ito ay nagiging batis.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Awit 115

### Awit para sa Iisa at Tunay na Diyos

1Tanging sa iyo lamang, Yahweh, ang dakilang karangalan, hindi namin maaangkin, pagkat ito'y iyo lamang; walang kupas iyong pag-ibig, natatanging katapatan.

2Ganito ang laging tanong sa amin ng mga bansa: “Nasaan ba ang inyong Diyos?” ang palaging winiwika.

3Ang Diyos nami'y nasa langit, naroroon ang Diyos namin, at ang kanyang ginagawa ay kung ano ang ibigin.

4Ginawa sa ginto't pilak ang kanilang mga diyos, sa kanila'y mga kamay nitong tao ang nag-ayos.

5Totoo nga at may bibig, ngunit hindi makapagsalita, at hindi rin makakita, mga matang pinasadya;

6di rin naman makarinig ang kanilang mga tainga, ni hindi rin makaamoy ang ginawang ilong nila.

7Totoo nga na may kamay ngunit walang pakiramdam, mga paa'y mayroon din ngunit hindi maihakbang, ni wala kang naririnig kahit munting tinig man lang.

8Ang gumawa sa kanila at pati ang nagtiwala, lahat sila ay katulad ng gayong diyos na ginawa.

9Ikaw, bayan ng Israel, kay Yahweh lang magtiwala, siya ang inyong sanggalang, kung tumulong laging handa.

10Kayong mga pari, kay Yahweh ay magtiwala, siya ang inyong sanggalang, kung tumulong laging handa.

11Kay Yahweh ay magtiwala, kayong may takot sa kanya, siya ang inyong sanggalang, kung tumulong laging handa.

12Ang Diyos ay magpapala, hindi tayo lilimutin, pagpapala'y matatamo nitong bayan ng Israel; pati mga pari'y may pagpapalang kakamtin.

13Sa lahat ng mayro'ng takot kay Yahweh, lahat mapagpapala, kung magpala'y pantay-pantay, sa hamak man o dakila.

14Sana kayo'y paramihin, kayo at ang inyong angkan, anak ninyo ay dumami, lumaki ang inyong bilang.

15Pagpalain sana kayo, pagpalain kayong lubos, pagpalain ng lumikha ng langit at sansinukob.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

16Si Yahweh ang may-ari ng buong sangkalangitan, samantalang ang daigdig, sa tao niya ibinigay.

17Di na siya mapupuri niyong mga taong patay, niyong mga nahihimlay sa malamig na libingan.

18Tayo ngayong nabubuhay ang dapat magpasalamat, siya'y dapat na purihin, mula ngayon, hanggang wakas. Purihin si Yahweh!

## Mga Awit 116

**Pagpupuri ng Taong Naligtas sa Kamatayan**

1Minamahal ko si Yahweh, pagkat ako'y dinirinig, dinirinig niya ako, sa dalangin ko at hibik;

2ako'y kanyang dinirinig tuwing ako'y tumatawag, kaya nga't habang buhay ko'y sa iyo lagi tatawag.

3Noong ako'y mahuhulog sa bingit ng kamatayan, nadarama ko ang tindi ng takot ko sa libingan; lipos ako ng pangamba at masidhing katakutan.

4Sa ganoong kalagayan, si Yahweh ang tinawag ko, at ako ay nagsumamo na iligtas niya ako.

5Si Yahweh'y napakabuti, mahal niya ang katuwiran, Diyos siyang mahabagin, sa awa ay mayaman.

6Si Yahweh ang nag-iingat sa wala nang sumaklolo; noong ako ay manganib, iniligtas niya ako.

7Manalig ka, O puso ko, kay Yahweh ka magtiwala, pagkat siya ay mabuti't hindi siya nagpapabaya.

8Ako'y kanyang iniligtas sa kuko ng kamatayan, tinubos sa pagkatalo, at luha ko'y pinahiran.

9Sa presensya ni Yahweh doon ako mananahan, doon ako mananahan sa daigdig nitong buháy.

10Laging buháy ang pag-asa, patuloy ang pananalig, bagama't ang aking sabi'y, “Ako'y ganap nang nalupig.”

11Bagama't ako'y takot, nasasabi ko kung minsan, “Wala kahit isang tao na dapat pagtiwalaan.”

12Kay Yahweh na aking Diyos, anong aking ihahandog, sa lahat ng kabutihan na sa akin ay kaloob?

13Ang handog ko sa dambana, ay inumin na masarap, bilang aking pagkilala sa ginawang pagliligtas.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[14]Sa tuwinang magtitipon ang lahat ng kanyang hirang, ang anumang pangako ko, ay doon ko ibibigay.

[15]Tunay ngang itong si Yahweh, malasakit ay malaki, kung ang isang taong tapat, kamatayan ay masabat.

[16]O Yahweh, naririto akong inyong abang lingkod, katulad ng aking ina, maglilingkod akong lubos; yamang ako'y iniligtas, kinalinga at tinubos.

[17]Ako ngayo'y maghahandog ng haing pasasalamat, ang handog kong panalangi'y sa iyo ko ilalagak.

[18-19]Kapag nagsasama-sama ang lahat ng iyong hirang, sa templo sa Jerusalem, ay doon ko ibibigay ang anumang pangako kong sa iyo ay binitiwan. Purihin si Yahweh!

## Mga Awit 117

### Awit ng Pagpupuri kay Yahweh

[1]Purihin si Yahweh! Dapat na purihin ng lahat ng bansa. Siya ay purihin ng lahat ng tao sa balat ng lupa!

[2]Pagkat ang pag-ibig na ukol sa ati'y dakila at wagas, at ang katapatan niya'y walang wakas. Purihin si Yahweh!

## Mga Awit 118

### Awit ng Pagtatagumpay

[1]Purihin si Yahweh sa kanyang kabutihan! Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman.

[2]Ang taga-Israel, bayaang sabihi't kanilang ihayag, “Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman.”

[3]Kayong mga pari ng Diyos na si Yahweh, bayaang magsaysay: “Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman.”

[4]Lahat ng may takot kay Yahweh, dapat magpahayag, “Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman.”

[5]Nang ako'y magipit, ang Diyos na si Yahweh ay aking tinawag; sinagot niya ako't kanyang iniligtas.

[6]Kung itong si Yahweh ang aking kasama at laging kapiling, walang pagkatakot sa aking darating.

[7]Si Yahweh ang siyang sa aki'y tumutulong laban sa kaaway, malulupig sila't aking mamamasdan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Higit na mabuti na doon kay Yahweh magtiwala ako, kaysa panaligan yaong
mga tao.

9Higit ngang mabuting ang pagtitiwala'y kay Yahweh ibigay, kaysa pamunuan
ang ating asahan.

10Sa aking paligid laging gumagala ang mga kaaway, winasak ko sila at lakas
ni Yahweh ang naging patnubay.

11Kahit saang dako ako naroroon ay nakapaligid, winasak ko sila sapagkat si
Yahweh ay nasa aking panig.

12Ang katulad nila ay mga bubuyog na sumasalakay, dagliang nasunog, sa
apoy nadarang; winasak ko sila sapagkat si Yahweh ang aking sanggalang.

13Sinalakay ako't halos magtagumpay ang mga kaaway, subalit si Yahweh,
ako'y tinutulungan.

14Si Yahweh ang lakas ko't kapangyarihan; siya ang sa aki'y nagdulot ng
kaligtasan.

15Dinggin ang masayang sigawan sa tolda ng mga hinirang: "Si Yahweh ay
siyang lakas na patnubay!

16Ang lakas ni Yahweh ang siyang nagdulot ng ating tagumpay, sa pakikibaka
sa ating kaaway."

17Aking sinasabing hindi mamamatay, ako'y mabubuhay ang gawa ni
Yahweh, taos sa aking puso na isasalaysay.

18Pinagdusa ako at pinarusahan nang labis at labis, ngunit ang buhay ko'y di
niya pinatid.

19Ang mga pintuan ng banal na templo'y inyo ngayong buksan, ako ay
papasok, at itong si Yahweh ay papupurihan.

20Pasukan ni Yahweh ang pintuang ito; tanging makakapasok ay matuwid na
tao!

21Aking pinupuri ikaw, O Yahweh, yamang pinakinggan, dininig mo ako't
pinapagtagumpay.

22Ang batong itinakwil ng mga tagapagtayo ng bahay, ang siyang naging
batong-panulukan.

23Ginawa ito ni Yahweh at ito'y kahanga-hangang pagmasdan.

24O kahanga-hanga ang araw na itong si Yahweh ang nagbigay, tayo ay
magalak, ating ipagdiwang!

25Kami ay iligtas, tubusin mo, Yahweh, kami ay iligtas! At pagtagumpayin sa
layuni't hangad.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Pinagpala ang dumarating sa pangalan ni Yahweh; magmula sa templo, mga pagpapala'y kanyang tatanggapin!

27Si Yahweh ang Diyos, pagkabuti niya sa mga hinirang. Tayo ay magdala ng sanga ng kahoy, simulang magdiwang, at tayo'y lumapit sa dambanang banal.

28Ikaw ay aking Diyos, kaya naman ako'y nagpapasalamat; ang pagkadakila mo ay ihahayag.

29O pasalamatan ang Diyos na si Yahweh, pagkat siya'y mabuti; pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman.

## Mga Awit 119

**Ang Kautusan ni Yahweh**

*(Alef)*

1Mapalad ang mga taong malinis ang pamumuhay, kautusan ni Yahweh ang sinusunod araw-araw.

2Mapalad ang sumusunod sa kanyang patakaran, buong pusong naghahanap sa kanyang kalooban;

3ang gawain ay matuwid, namumuhay silang ganap, sa kanyang kalooban ay doon sila lumalakad.

4Ibinigay mo nga sa amin ang iyong mga utos, upang buong pagsisikap na ito'y aming masunod.

5Gayon ako umaasa, umaasang magiging tapat, susundin ang iyong utos, susundin nang buong ingat.

6Kahihiyan ay hindi ko matitikman kailanpaman, kung ako ay susunod nang tapat sa iyong kautusan.

7Ang matuwid mong tuntunin habang aking tinatarok, buong pusong magpupuri, pupurihin kitang lubos.

8Ang lahat ng iyong utos ay sisikapin kong sundin, huwag mo akong iiwanan, huwag mo akong lilisanin.

**Pagiging Masunurin sa Kautusan ni Yahweh**

*(Bet)*

9Paano mapapanatiling malinis ang pamumuhay ng sinumang tao, sa kanilang kabataan? Sa pamamagitan ng pagsunod sa banal mong kautusan.

10Buong puso ang hangad kong sambahin ka't paglingkuran, huwag mo akong hahayaang sa utos mo ay sumuway.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Ang banal mong kautusa'y sa puso ko iingatan, upang hindi magkasala
laban sa iyo kailanman.

12Pupurihin kita, Yahweh, ika'y aking pupurihin; ang lahat ng tuntunin mo ay
ituro po sa akin.

13Ang lahat mong mga utos na sa aki'y ibinigay, palagi kong babanggitin,
malakas kong isisigaw.

14Nagagalak na susundin ko ang iyong kautusan, higit pa sa kagalakang dulot
nitong kayamanan.

15Ako'y laging mag-aaral sa lahat ng tuntunin mo, nang aking maunawaan,
pagbubulay-bulayan ko.

16Sa bigay mong kautusa'y lubos akong nalulugod, iingatan sa puso ko upang
iyo'y di malimot.

### Kagalakan sa Kautusan ni Yahweh

*(Gimmel)*

17Itong iyong abang lingkod, O Yahweh, nawa'y pagpalain, upang ako ay
mabuhay at ang utos mo ang sundin.

18Buksan mo ang paningin ko pagkat nananabik masdan, kabutihang
idudulot sa akin ng iyong aral.

19Ang buhay ko sa daigdig ay pansamantala lamang, kaya huwag mong
ikukubli sa akin ang kautusan.

20Ang puso ko'y nasasabik, at ang laging hinahangad, ang lahat ng tuntunin
mo ay mabatid oras-oras.

21Ang mga mapagmataas, iyong pinaparusahan; at iyong isinusumpa ang sa
utos mo ay laban.

22Sa ganitong mga tao'y ilayo mo akong ganap, yamang ang iyong kautusan
ay siya kong tinutupad.

23Kahit ako ay usigi't labanan ng pamunuan, itong iyong abang lingkod sa
utos mo'y mag-aaral.

24Ang buo mong kautusan sa akin ay umaaliw, siyang gurong nagpapayo sa
lahat kong suliranin.

### Ang Pagsunod sa Kautusan ni Yahweh

*(Daleth)*

25Ako'y gapi't lupasay na sa bunton ng alikabok, sang-ayon sa pangako mo,
palakasin akong lubos.

26Ang aking mga gawang kamalia'y pinatawad mo, ang tuntunin mo at aral,
sa lingkod mo'y ituro.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Tulungang maunawaan, iyong mga kautusan, iyong kahanga-hangang gawa, lubos kong pag-aaralan.

28Damdam ko ba sa sarili, naghahari'y pawang lungkot; sang-ayon sa pangako mo, palakasin akong lubos.

29Sa landas na di matuwid, huwag mo akong hahayaan, pagkat ikaw ang mabuti, ituro ang iyong aral.

30Ang pasya ko sa sarili, ako'y maging masunurin, sa batas mo, ang pansin ko ay doon ko ibabaling.

31Itong mga tuntunin mo, O Yahweh, ay sinunod ko; huwag nawang hahayaang mapahiya ang lingkod mo.

32Ang lahat mong mga utos, ay malugod kong susundin, dahilan sa pang-unawang ibibigay mo sa akin.

**Panalangin Upang Makaunawa**

*(He)*

33Ituro mo, O Yahweh, layunin ng kautusan, at iyon ang susundin ko habang ako'y nabubuhay.

34Ituro mo ang batas mo't sisikapin kong masunod, buong pusong iingatan at susundin ko nang lubos.

35Sa pagsunod sa utos mo, ako'y iyong pangunahan, pagkat dito nakakamtan ang ligayang inaasam.

36Itulot mong hangarin ko na sundin ang iyong utos, higit pa sa paghahangad na yumaman akong lubos.

37Ilayo mo ang pansin ko sa bagay na walang saysay; at ayon sa pangako mo'y pagpalain akong tunay.

38Tuparin mo ang pangakong ginawa sa iyong lingkod, ang pangako sa lahat ng sa iyo ay natatakot.

39Iligtas mo ang lingkod mo sa sinumang mapang-uyam, sa mabuting tuntunin mo, humahanga akong tunay!

40Ang lahat ng tuntunin mo, ang hangad ko'y aking sundin, pagkat ikaw ay matuwid, kaya ako'y pagpalain.

**Pagtitiwala sa Kautusan ni Yahweh**

*(Vav)*

41Sa akin ay ipadama ang dakilang pag-ibig mo, ayon sa pangako, Yahweh, iligtas mo ako;

42upang yaong nanlalait sa akin ay masagot ko, yamang ako'y may tiwala sa lahat ng salita mo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

43Tulungan mong ihayag ang mga katotohanan, pagkat ako'y may tiwala sa tapat mong kahatulan.

44Lagi akong tatalima sa bigay mong kautusan, susundin ko ang utos mo habang ako'y nabubuhay.

45Ako nama'y mamumuhay nang payapa at malaya, yamang ako sa utos mo'y sumusunod namang kusa.

46At maging sa mga hari, ang utos mo'y babanggitin, hindi ako mahihiya na ito ay aking gawin.

47Sa pagsunod sa utos mo nalulugod akong labis, di masukat ang galak ko, pagkat aking iniibig.

48Mahal ko ang iyong utos, ito'y aking ginagalang, sa aral mo at tuntunin ako'y magbubulay-bulay.

**Pananalig sa Kautusan ni Yahweh**

*(Zayin)*

49Ang pangako sa lingkod mo, sana'y iyong gunitain, pag-asa ang idinulot ng pangako mo sa akin.

50Sa gitna ng kahirapan, ang nadama ko ay aliw, pagkat buhay ang natamo sa pangako mo sa akin.

51Labis akong hinahamak nitong mga taong hambog, ngunit di ko sinusuway ang bigay mong mga utos.

52Bumabalik sa gunita ang payo mo noong araw, ito, Yahweh, sa lingkod mo ang dulot ay kaaliwan.

53Nag-aapoy ang galit ko sa tuwing nakikita ko, yaong mga masasamang lumalabag sa batas mo.

54Noong ako'y mapalayo sa sarili kong tahanan, ang awiting nilikha ko ay tungkol sa kautusan.

55Ang ngalan mo'y nasa isip kung kumagat na ang dilim, Yahweh, aking sinisikap na utos mo'y laging sundin.

56Nasasalig sa pagsunod ang tunay kong kagalakan, kaya naman sinusunod ko ang iyong kautusan.

**Pagtupad sa Kautusan ni Yahweh**

*(Kheth)*

57Ikaw lamang, O Yahweh, ang lahat sa aking buhay, kaya ako'y nangangakong susundin ang kautusan.

58Taimtim sa aking puso, na ako ay humihiling, sang-ayon sa pangako mo ay mahabag ka sa akin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

59Tinanong ko ang sarili kung ano ang nararapat, ang tugon sa katanunga'y sundin ko ang iyong batas.

60Kaya ako'y nagdumali, upang hindi na mabalam, sa hangad kong masunod na ang bigay mong kautusan.

61Mga taong masasama kahit ako ay gapusin, ang bigay mong mga utos ay di pa rin lilimutin.

62Gumigising akong lagi pagsapit ng hatinggabi, sa matuwid mong paghatol lagi kitang pinupuri.

63Tapat akong kaibigan ng sa iyo'y naglilingkod, mga taong buong pusong sa utos mo'y sumusunod.

64Ang dakilang pag-ibig mo'y laganap sa daigdigan, ituro sa akin, Yahweh, ang banal mong kautusan.

### Ang Kahalagahan ng Kautusan ni Yahweh

*(Tet)*

65Tinupad mo, O Yahweh, ang pangakong binitiwan, kay buti ng ginawa mo sa lingkod mong minamahal.

66Ako'y bigyan mo ng dunong at ng tunay na kaalaman, yamang ako'y nagtiwala sa utos mong ibinigay.

67Ang sariling dati-rati'y namumuhay nang baluktot, nang ako ay parusahan, salita mo ang sinunod;

68kay buti mo, O Yahweh! Kay ganda ng iyong loob; sa akin ay ituro mo ang bigay mong mga utos.

69Ang gawain nitong hambog sadyang ako ay siraan, ngunit buong puso ko ring sinusunod ang iyong aral.

70Ang ganoong mga tao'y sadyang kapos ng unawa, ngunit sa pagsunod sa utos mo, ako'y natutuwa.

71Sa akin ay nakabuti ang parusang iyong dulot, pagkat aking naunawang mahalaga ang iyong utos.

72Higit pa sa ginto't pilak nitong buong sanlibutan, ang mabuting idudulot ng bigay mong kautusan.

### Ang Katarungan ng Kautusan ni Yahweh

*(Yod)*

73Nilikha mo ako, O Yahweh, ako'y iyong iningatan; bigyan ako ng unawa upang batas mo'y malaman.

74Ang sa iyo'y natatakot, kapag ako ay nakita, matutuwa sa lingkod mong sa iyo ay umaasa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

75Nababatid ko, O Yahweh, matuwid ang iyong batas, kahit ako'y
pagdusahin, nananatili kang tapat.

76Aliwin mo sana ako niyang pag-ibig mong lubos, katulad ng binitiwang
pangako sa iyong lingkod.

77Sa akin ay mahabag ka, at ako ay mabubuhay, ang lubos kong kasiyaha'y
nasa iyong kautusan.

78Ang hambog na naninira sa lingkod mo ay hiyain, sa aral mo ako nama'y
magbubulay na taimtim.

79Sa akin ay magsilapit ang sa iyo ay may takot, maging yaong mga tao na
alam ang iyong utos.

80Sana'y lubos kong masunod ang buo mong kautusan, upang hindi
mapahiya't tamuhin ko ang tagumpay.

**Panalangin Upang Iligtas ng Diyos**

*(Kap)*

81Kaluluwa ko'y naghihintay ng iyong pagliligtas; lubos akong nagtiwala sa
bigay mong pangungusap.

82Dahilan sa paghihintay lumamlam na yaring tingin, ito ngayon ang tanong
ko: “Kailan mo aaliwin?”

83Katulad ko'y nangulubot na sisidlang yaring katad, gayon pa man, di ko pa
rin nilimot ang iyong batas.

84Gaano bang katagal pa, ang lingkod mo maghihintay, sa parusang
igagawad sa nang-usig kong kaaway?

85Mga taong mayayabang, mga taong masuwayin, nag-umang ng mga bitag
upang ako ay hulihin.

86Inuusig nila ako, kahit mali ang paratang, sa batas mo'y may tiwala, kaya
ako ay tulungan!

87Halos sila'y magtagumpay na kitlin ang aking buhay, ngunit ang iyong mga
utos ay hindi ko nalimutan.

88Dahilan sa pag-ibig mo, O Yahweh, ako ay lingapin, at ang iyong mga utos
ay masikap kong susundin.

**Pananampalataya sa Kautusan ni Yahweh**

*(Lamedh)*

89Ang salita mo, O Yahweh, di kukupas, walang hanggan, matatag at di
makilos sa rurok ng kalangitan.

90Ang taglay mong katapatan ay hindi na magbabago; ang nilikha mong
daigdig, matatag sa kanyang dako.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

91Hanggang ngayon ay matatag, pagkat ikaw ang nag-utos, alipin mo silang lahat at sa iyo'y naglilingkod.

92Kung ang iyong kautusa'y di bukal ng aking galak, namatay na sana ako sa dinanas na paghihirap.

93Ang utos mo'y susundin ko, di ito tatalikuran, pagkat dahil sa utos mo, ako ngayo'y nabubuhay.

94Ang lingkod mo'y iyong-iyo, kaya ako ay iligtas, ang pagsunod sa utos mo ay siya kong sinisikap.

95Nag-aabang ang masama, upang ako ay mapatay, ngunit ako'y magbubulay sa bigay mong kautusan.

96Nabatid kong sa daigdig, walang ganap na anuman, ngunit ang iyong mga utos walang hanggan yaong saklaw.

**Ang Pag-ibig sa Kautusan ni Yahweh**

*(Mem)*

97O ang iyong mga utos ay tunay kong iniibig, araw-araw, sa maghapon ay siya kong iniisip.

98Kasama ko sa tuwina'y yaong iyong kautusan, kaya ako'y dumurunong nang higit pa sa kaaway.

99Sa lahat kong mga guro, ang unawa ko ay higit, pagkat ang aral mo't turo ang laman ng aking isip.

100Ang taglay kong karununga'y higit pa sa matatanda, pagkat ang iyong mga utos ay hindi ko sinisira.

101Di ko gustong matutuhan ang ugaling masasama, ang hangad ko na masunod ay ang iyong sinalita.

102Hindi ako nagpabaya sa utos mo at tuntunin, pagkat ikaw ang guro ko na nagturo ng aralin.

103O kay tamis na namnamin ang utos mong ibinigay, matamis pa kaysa pulot lasa nitong tinataglay.

104Sa bigay mong mga utos, natamo ko'y karunungan, kaya ako'y namumuhi sa ugaling mahahalay.

**Kaliwanagan mula sa Kautusan ni Yahweh**

*(Nun)*

105Salita mo'y isang tanglaw na sa akin ay patnubay, sa landas kong daraanan, liwanag na tumatanglaw.

106Taimtim ang pangako kong ang utos mo ay susundin, tutupdin ko ang tuntuning iniaral mo sa akin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

107Labis-labis, O Yahweh, ang hirap kong tinataglay, sang-ayon sa pangako mo, pasiglahin yaring buhay.

108Ang handog kong pasalamat, Yahweh, sana ay tanggapin, yaong mga tuntunin mo ay ituro mo sa akin.

109Ako'y laging nakahandang magbuwis ng aking buhay; pagkat di ko malilimot yaong iyong kautusan.

110Sa akin ay mayroong handang patibong ang masasama, ngunit ang iyong kautusan ay hindi ko sinisira.

111Ang bigay mong mga utos, ang pamanang walang hanggan, sa puso ko'y palagi nang ang dulot ay kagalakan.

112Ang pasya ko sa sarili, sundin ko ang kautusan, susundin ko ang utos mo habang ako'y nabubuhay.

**Pagliligtas na Dulot ng Kautusan ni Yahweh**

*(Samek)*

113Ako'y galit sa sinumang sa iyo ay hindi tapat, ang tunay kong iniibig ay ang iyong mga batas.

114Ikaw lamang ang muog ko at matibay na sanggalang, ang pangako mo sa akin ay lubos kong aasahan.

115Kaya kayong masasama, ako'y inyo nang lubayan, pagkat ang utos ng Diyos, hindi ko tatalikuran.

116Ang lakas na pangako mo, upang ako ay mabuhay, ibigay mo't ang pag-asa ko ay hindi mapaparam.

117Upang ako ay maligtas, ingatan mo ako, O Diyos, ang pansin ko'y itutuon sa bigay mong mga utos.

118Ang lumabag sa utos mo ay lubos mong itatakwil, ang kanilang panlilinlang ay wala ring sasapitin.

119Sa lahat ng masasama, basura ang iyong tingin, kaya naman ang turo mo ang siya kong iibigin.

120Dahil sa iyo, ang damdam ko'y para akong natatakot, sa hatol mong igagawad, natatakot akong lubos.

**Ang Pagsunod sa Kautusan ni Yahweh**

*(Ayin)*

121Ang matuwid at mabuti ay siya kong ginampanan, sa kamay ng kaaway ko, huwag mo akong pabayaan.

122Aming Diyos, mangako kang iingatan ang iyong lingkod, at hindi mo babayaang guluhin ng mga hambog.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

123Malamlam na ang mata ko, sa tagal ng paghihintay, sa pangako mo sa aking tatanggapi'y kaligtasan.

124Sang-ayon sa pag-ibig mo, gayon ang gawing pagtingin, ang lahat ng tuntunin mo ay ituro na sa akin.

125Bigyan mo ng pang-unawa itong iyong abang lingkod, upang aking maunawa ang aral mo't mga utos.

126Panahon na, O Yahweh, upang ikaw ay kumilos, nilalabag na ng tao ang bigay mong mga utos.

127Mahal ko ang iyong utos nang higit pa kaysa ginto, kaysa gintong dinalisay, utos mo'y isinapuso.

128Kaya iyang tuntunin mo ang siya kong sinusunod, pagkat ako'y namumuhi sa anumang gawang buktot.

**Paghahangad na Sundin ang Kautusan ni Yahweh**

*(Pe)*

129Lubos akong humahanga sa bigay mong mga turo; lahat aking iingata't susundin nang buong puso.

130Ang liwanag ng turo mo'y nagsisilbing isang tanglaw, nagbibigay dunong ito sa wala pang karanasan.

131Halos humihingal ako dahilan sa kasabikan, na matamo yaong aking minimithing kautusan.

132Ako'y iyong kahabagan, ngayon ako ay lingapin, at sa mga taong tapat, itulad mo ang pagtingin.

133Sang-ayon sa pangako mo, huwag mo akong hahayaang mahulog sa gawang mali at ugaling mahahalay.

134Sa sinumang naghahangad na ako ay alipinin, iligtas mo ang lingkod mo't ang utos mo ang susundin.

135Sa buhay ko'y tumanglaw ka at ako ay pagpalain, at ang iyong mga utos ay ituro mo sa akin.

136Parang agos na ng batis ang daloy ng aking luha, dahilan sa mga taong sa utos mo'y sumisira.

**Ang Katarungan ng Kautusan ni Yahweh**

*(Tsade)*

137Matuwid ka, O Yahweh, matapat ka nga at banal, matapat ang tuntunin mo sa bigay mong kautusan.

138Yaong mga tuntunin mong iniukol mo sa amin, sa lahat ay naaangkop, at matapat ang layunin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

139Nag-aapoy ang galit ko, sa puso ko'y nag-aalab, pagkat yaong kaaway ko sa utos mo'y yumuyurak.

140Ang pangako mo sa amin ay subok na't walang mintis, kaya naman ang lingkod mo'y labis itong iniibig.

141Kung ako ma'y walang saysay at kanilang itinakwil, gayon pa man, ang utos mo'y hindi pa rin lilimutin.

142Ang taglay mong katapatan, kailanma'y di kukupas, katuruan mo'y totoo at ito ay walang wakas.

143Ang buhay ko'y nalilipos ng hirap at suliranin, ngunit ang iyong kautusan ang sa aki'y umaaliw.

144Ang lahat ng tuntunin mo'y matuwid at walang hanggan, bigyan ako ng unawa at ako ay mabubuhay.

### Panalangin Upang Iligtas ng Diyos

*(Qof)*

145Buong pusong tumatawag itong iyong abang lingkod; ako'y iyong dinggin, Yahweh, at susundin ko ang utos.

146Tumatawag ako, Yahweh, sa iyo ay dumaraing, iligtas mo ako ngayon nang ang utos mo ay sundin.

147Madilim pa, ang lingkod mo ay gising na't tumatawag, sa pangako mong iniwan, pag-asa ko'y nakalagak.

148Hindi ako makatulog, magdamag na laging gising, at ang aking binubulay ay ang bigay mong aralin.

149Ako'y dinggin mo, O Yahweh, ayon sa iyong pag-ibig, iligtas mo ang buhay ko yamang ikaw ay matuwid.

150Palapit na nang palapit ang sa aki'y umuusig, mga taong walang galang sa utos mong sakdal tuwid.

151Ngunit ikaw, O Yahweh, ay malapit sa piling ko, ang pangakong binitiwan mo sa akin ay totoo.

152Iyang mga tuntunin mo'y matagal nang aking talos, ang utos na ginawa mo'y walang hanggang mga utos.

### Panalangin Upang Maligtas

*(Resh)*

153Ang taglay kong paghihirap ay masdan mo at lunasan, pagkat aking sinusunod ang banal mong kautusan.

154Ako'y iyong ipagtanggol at ako ay tubusin, dahil iyan ang pangakong binitiwan mo sa akin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

155Iyang mga masasama'y tiyak na di maliligtas, dahilan sa kautusang hindi nila ginaganap.

156Sa iyong habag, O Yahweh, ay wala nang makapantay, kaya ako ay iligtas, ayon sa iyong kapasyahan.

157Kay rami ng kaaway ko, at mga mapang-alipin, ngunit ang iyong kautusan ay patuloy kong susundin.

158Nagdaramdam akong labis kapag aking namamasdan, yaong mga taong taksil na laban sa kautusan.

159Nalalaman mo, O Yahweh, mahal ko ang iyong utos, iligtas mo ako ayon sa pag-ibig mong taos.

160Ang buod ng kautusa'y batay sa katotohanan, ang lahat ng tuntunin mo'y pawang walang katapusan.

### Pagtatalaga sa Kautusan ni Yahweh

*(Shin)*

161Mga taong namumuno na kulang sa katarungan, usigin man nila ako, susundin ko'y iyong aral.

162Dahilan sa pangako mo, nagagalak yaring buhay, katulad ko ay taong nakatuklas noong yaman.

163Sa anumang di totoo muhi ako't nasusuklam, ang tunay kong iniibig ay ang iyong kautusan.

164Araw-araw, pitong beses akong nagpapasalamat, sa lahat ng kahatulang matuwid mong iginawad.

165Ang magmahal sa utos mo'y mapayapa yaong buhay, matatag ang taong ito at hindi na mabubuwal.

166Hinihintay kita, O Yahweh, upang ako ay iligtas, ang lahat ng iyong utos ay akin ngang tinutupad.

167Tinutupad ko ang utos at lahat mong mga aral, buong pusong iniibig ang buo mong kautusan.

168Sinusunod ko ang iyong kautusa't mga aral, ang anumang gawain ko ay kita mo't namamasdan.

### Panalangin Upang Tulungan ng Diyos

*(Taw)*

169O Yahweh, tanggapin mo ang daing ko na tulungan, at ayon sa pangako mo, pang-unawa ako'y bigyan.

170Hayaan ang dalangin ko ay dumating sa iyo, O Diyos, sang-ayon sa pangako mo, iligtas ang iyong lingkod.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

171Ako'y laging magpupuri, lagi kitang pupurihin, pagkat ako'y tinuruan ng aral mo at tuntunin.

172Dahilan sa pangako mo, ako ngayon ay aawit, sapagkat ang iyong utos ay marapat at matuwid.

173Humanda ka sa pagtulong, ito'y aking kailangan, sapagkat ang susundin ko'y ang utos mong ibinigay.

174Nasasabik ako, Yahweh, sa pangakong pagliligtas, natamo ko sa utos mo, ang ligaya at ang galak.

175Upang ako ay magpuri, ako'y bigyan mo ng buhay, matulungan nawa ako ng tuntunin mo at aral.

176Para akong isang tupa na nawala at nawalay, hanapin mo ang lingkod mo, ako ngayon ay lapitan, pagkat ako ay sumunod sa lahat mong kautusan.

## Mga Awit 120

### Panalangin Upang Tulungan ng Diyos

*Isang Awit ng Pag-akyat upang Sumamba.*

1Nang ako'y manganib, kay Yahweh dumaing, dininig niya ako sa aking dalangin.

2Sa taong di tapat, gawai'y manlinlang, Yahweh, iligtas mo't ako'y isanggalang.

3Sa kamay ng Diyos, kayong sinungaling, ano kayang parusa ang inyong kakamtin?

4Tutudlain kayo ng panang matalim, at idadarang pa sa may bagang uling.

5Ako ay kawawa; ako ay dayuhan, sa Meshec at Kedar, ako ay namuhay.

6Matagal-tagal ding ako'y nakapisan ng hindi mahilig sa kapayapaan.

7Kung kapayapaan ang binabanggit ko, pakikipagbaka ang laman ng ulo.

## Mga Awit 121

### Si Yahweh ang Ating Tagapagtanggol

*Isang Awit ng Pag-akyat upang Sumamba.*

1Do'n sa mga burol, ako'y napatingin— sasaklolo sa akin, saan manggagaling?

2Ang hangad kong tulong, kay Yahweh magmumula, sa Diyos na lumikha ng langit at ng lupa.

3Di niya ako hahayaang mabuwal, siya'y di matutulog, ako'y babantayan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Ang tagapagtanggol ng bayang Israel, hindi natutulog at palaging gising!

5Si Yahweh ang ating Tagapag-ingat, laging nasa piling, upang magsanggalang.

6Di ka maaano sa init ng araw, kung gabi ay di ka sasaktan ng buwan.

7Si Yahweh ang siyang sa iyo'y mag-iingat, sa mga panganib, ika'y ililigtas.

8Si Yahweh ang siyang sa iyo'y mag-iingat saanman naroon, ika'y iingatan, di ka maaano kahit na kailan.

## Mga Awit 122

**Awit ng Parangal para sa Jerusalem**

*Isang Awit ng Pag-akyat upang Sumamba; katha ni David.*

1Ako ay nagalak nang sabihin nila: “Pumunta na tayo sa bahay ni Yahweh.”

2Sama-sama kami matapos sapitin, ang pintuang-lunsod nitong Jerusalem.

3Itong Jerusalem ay napakaganda, matatag at maayos na lunsod siya.

4Dito umaahon ang lahat ng angkan, lipi ni Israel upang manambahan, ang hangad, si Yahweh ay pasalamatan, pagkat ito'y utos na dapat gampanan.

5Doon din naroon ang mga hukuman at trono ng haring hahatol sa tanan.

6Ang kapayapaan nitong Jerusalem, sikaping kay Yahweh ito'y idalangin: “Ang nangagmamahal sa iyo'y pagpalain.

7Pumayapa nawa ang banal na bayan, at ang palasyo mo ay maging tiwasay.”

8Alang-alang sa kasama at pamilya ko, sa iyo Jerusalem, ang sabi ko'y ito: “Ang kapayapaa'y laging sumaiyo.”

9Dahilan sa bahay ni Yahweh, ating Diyos, ang aking dalangi'y umunlad kang lubos.

## Mga Awit 123

**Panalangin Upang Kahabagan**

*Isang Awit ng Pag-akyat upang Sumamba.*

1Ang aking pangmasid doon nakatuon, sa luklukang trono mo, O Panginoon.

2Tulad ko'y aliping ang inaasahan ay ang amo niya para sa patnubay, kaya tuluy-tuloy ang aming tiwala, hanggang ikaw, Yahweh, sa ami'y maawa.

3Mahabag ka, Yahweh, kami'y kaawaan, labis na paghamak aming naranasan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Kami'y hinahamak ng mga mayaman, laging kinukutya kahit noon pa man ng mapang-aliping taong mayayabang.

## Mga Awit 124

**Ang Diyos ang Tagapagtanggol ng Kanyang Bayan**

*Isang Awit ng Pag-akyat upang Sumamba; katha ni David.*

1Ano kaya't kung si Yahweh ay di pumanig sa atin; O Israel, ano kaya yaong iyong sasabihin?

2“Kung ang Diyos na si Yahweh, sa amin ay di pumanig, noong kami'y salakayin ng kaaway na malupit,

3maaaring kami noon ay nilamon na nang buháy sa silakbo ng damdamin at ng galit na sukdulan.

4Maaaring kami noo'y natangay na niyong agos, naanod sa karagata't tuluy-tuloy na nalunod;

5sa lakas ng agos noo'y nalunod nga kaming lubos.

6Tayo ay magpasalamat, si Yahweh ay papurihan, pagkat tayo'y iniligtas sa malupit na kaaway.

7Ang katulad nati'y ibong sa bitag ay nakatakas; lubos tayong nakalaya nang ang bitag ay mawasak.

8Tulong nating kailangan ay kay Yahweh nagmumula, pagkat itong lupa't langit tanging siya ang lumikha.

## Mga Awit 125

**Kaligtasan ng mga Lingkod ng Diyos**

*Isang Awit ng Pag-akyat upang Sumamba.*

1Parang Bundok Zion, ang taong kay Yahweh ay nagtitiwala, kailanma'y di makikilos, hindi mauuga.

2Itong Jerusalem ay naliligiran ng maraming bundok, gayon nagtatanggol sa mga hinirang si Yahweh, ating Diyos.

3Taong masasama ay di hahayaang laging mamahala, pagkat maaaring ang mga pinili, mahawa sa sama.

4Ang mga mabait na tapat sumunod sa iyong kautusan, sana'y pagpalain mo sila, O Yahweh, sa kanilang buhay.

5Ngunit ang masama, sa kanilang hilig iyong parusahan, parusahan sila, dahil sa di wasto nilang pamumuhay. Kapayapaan para sa Israel!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

## Mga Awit 126

**Panalangin Upang Iligtas ng Diyos**

*Isang Awit ng Pag-akyat upang Sumamba.*

1Nang lingapin tayo ni Yahweh at sa Zion ay ibalik, ang nangyaring kasaysaya'y parang isang panaginip.

2Lahat tayo ay natuwa, masasayang nagsiawit! Ang sabi ng mga bansang nagmamasid sa paligid, “Tunay na dakila, ginawa ni Yahweh para sa kanila!”

3Dakila ngang masasabi, pambihira ang ginawa, kaya naman kami ngayon, nagdiriwang, natutuwa!

4Kung paanong inuulan itong mga tuyong batis, sa sariling bayan namin, Yahweh, kami ay ibalik.

5Silang tumatangis habang nagsisipagtanim, hayaan mo na mag-ani na puspos ng kagalakan.

6Silang mga nagsihayong dala'y binhi't nananangis, ay aawit na may galak, dala'y ani pagbalik!

## Mga Awit 127

**Pagpupuri Dahil sa Kabutihan ng Diyos**

*Isang Awit ng Pag-akyat upang Sumamba; katha ni Solomon.*

1Maliban nga na si Yahweh ang nagtatag nitong bahay, ang ginawa ng nagtayo ay wala ring kabuluhan; maliban nga na si Yahweh ang sa lunsod ay gumabay, ang pagmamasid ng bantay ay wala ring saysay.

2Hindi dapat pakahirap, magpagal sa hanapbuhay; maaga pa kung bumangon, gabing-gabi kung humimlay, pagkat pinagpapahinga ni Yahweh ang kanyang mahal.

3Kaloob nga ni Yahweh itong ating mga anak, ang ganitong mga supling, pagpapalang mayro'ng galak.

4Ang lalaking mga anak sa panahong kabataan, ang katulad ay palaso sa kamay ng isang kawal.

5Mapalad ang isang taong mapalasong tulad niyan, hindi siya malulupig, at malayo sa kahihiyan, kung sila man ng kalaban ay magtagpo sa hukuman.

## Mga Awit 128

**Ang Bunga ng Pagsunod kay Yahweh**

*Isang Awit ng Pag-akyat upang Sumamba.*

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Mapalad ang bawat tao na kay Yahweh ay may takot, ang maalab na naisi'y sumunod sa kanyang utos.

2Kakainin niya ang bunga ng kanyang pinaghirapan, ang taong ito'y maligaya't maunlad ang pamumuhay.

3Sa tahanan, ang asawa'y parang ubas na mabunga, at bagong tanim na olibo sa may hapag ang anak niya.

4Ang sinuman kung si Yahweh buong pusong susundin, buhay niya ay uunlad at laging pagpapalain.

5Mula sa Zion, pagpapala nawa ni Yahweh ay tanggapin, at makita habang buhay, pag-unlad ng Jerusalem;

6ang magiging iyong apo, nawa iyong makita rin, nawa'y maging mapayapa itong bayan ng Israel!

## Mga Awit 129

**Panalangin Laban sa mga Kaaway ng Israel**

*Isang Awit ng Pag-akyat upang Sumamba.*

1Ihayag mo, O Israel, ang ginawa ng kaaway, sa simulang usigin ka, mula pa nang kabataan!

2“Simula pa noong bata, ako'y di na nilubayan, mahigpit na pinag-usig, bagaman di nagtagumpay.

3Ako ay sinaktan nila, ang likod ko'y sinugatan, mga sugat na malalim, parang bukid na binungkal.

4Ngunit ang Diyos na si Yahweh, palibhasa ay matuwid, pinalaya niya ako at sa hirap ay inalis.”

5Nawa itong mga bansang laging namumuhi sa Zion, sa labanan ay malupig, mapahiya't mapaurong!

6Matulad sa mga damong tumubo sa mga bubong, natutuyong lahat ito, kahit ito'y bagong sibol,

7di na ito binibigkis at hindi na tinitipon.

8Kahit isang dumaraa'y di man lamang banggitin, “Nawa ang pagpapala ni Yahweh ay iyong tanggapin! Sa pangalan ni Yahweh, pagpapala ay iyong tanggapin!”

## Mga Awit 130

**Panalangin Upang Tulungan ng Diyos**

*Isang Awit ng Pag-akyat upang Sumamba.*

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Sa gitna ng paghihirap, kay Yahweh ay dumalangin.

2Panginoon, ako'y dinggin kapag ako'y tumataghoy, dinggin mo ang pagtawag ko't paghingi ng iyong tulong.

3Kung ikaw ay may talaan nitong aming kasalanan, lahat kami ay tatanggap ng hatol mong nakalaan.

4Ngunit iyong pinatawad, kasalanan ay nilimot, pinatawad mo nga kami upang sa iyo ay matakot.

5Sabik akong naghihintay, O Yahweh, sa iyong tugon, pagkat ako'y may tiwala sa pangako mong pagtulong.

6Yaring aking pananabik, Panginoon, ay higit pa sa bantay na naghihintay ng pagsapit ng umaga.

7Magtiwala ka, Israel, magtiwala ka kay Yahweh, matatag at di kukupas ang pag-ibig niyang dulot, lagi siyang nakahandang sa sinuman ay tumubos.

8Ililigtas ang Israel, bansang kanyang minamahal, ililigtas niya sila sa kanilang kasalanan.

## Mga Awit 131

**Ang Mapagpakumbabang Dalangin**

*Isang Awit ng Pag-akyat upang Sumamba; katha ni David.*

1Yahweh aking Diyos, ang pagmamataas, tinalikuran ko't iniwan nang ganap; ang mga gawain na magpapatanyag iniwan ko na rin, di ko na hinangad.

2Mapayapa ako at nasisiyahan, tulad niyong sanggol sa bisig ni Inay.

3Kaya mula ngayon, at magpakailanman, si Yahweh lang Israel, ang dapat sandigan!

## Mga Awit 132

**Awit ng Parangal para sa Templo**

*Isang Awit ng Pag-akyat upang Sumamba.*

1Alalahanin mo, O Yahweh, si David na iyong alipin; huwag mong lilimutin ang lahat ng hirap na kanyang tiniis.

2Alalahanin mo ang kanyang pangakong ginawa sa iyo, O Dakilang Diyos ng bansang Israel, wika niya'y ganito:

3-5“Di ako uuwi, nangangako ako na hindi hihimlay, hangga't si Yahweh ay wala pang lugar na matitirahan, isang templong laan sa Makapangyarihang Diyos ni Jacob.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Aming nabalitaang nasa Bethlehem ang Kaban ng Tipan, sa bukid ng Jaar namin nasumpungan.

7Ang aming sinabi, “Ang templo ni Yahweh ay puntahan natin, sa harap ng trono siya ay sambahin!”

8Sa iyong tahanan, Yahweh, pumasok ka kasama ang kaban, ang kabang sagisag ng kapangyarihan.

9Iyong mga pari, hayaang maghayag ng iyong pagliligtas, ang mga hinirang sumigaw sa galak!

10Alang-alang naman sa lingkod mong si David, ang piniling hari, ay huwag mong itakwil.

11Ang iyong pangako, kay David mong lingkod, huwag mong babawiin, ganito ang iyong pangakong habilin: “Isa sa anak mo ang gagawing hari upang mamahala, matapos na ika'y pumanaw sa lupa.

12Kung magiging tapat ang mga anak mo sa bigay kong tipan, at ang mga utos ko ay igagalang, ang mga anak mo'y pawang maghaharing walang katapusan.”

13Pinili ni Yahweh, na maging tahanan ang Lunsod ng Zion.

14Ito ang wika niya: “Doon ako titira panghabang panahon, ang paghahari ko'y magmumula roon.

15Ang lahat ng bagay na hingin ng Zion, aking ibibigay, hindi magugutom ang dahop sa buhay.

16Iyong mga pari hayaang maghayag sa aking pagliligtas, ang mga hinirang sumigaw sa galak.

17Sa lipi ni David, ako ay kukuha ng haring dakila, upang maingatan ang pagpapatuloy ng pamamahala.

18Yaong kaharian niya ay uunlad at mananagana, ngunit kaaway niya'y lahat mapapahiya.”

## Mga Awit 133

**Papuri sa Mapayapang Pagkakaisa**

*Isang Awit ng Pag-akyat upang Sumamba.*

1Napakaligaya at kahanga-hanga sa ating pangmasid, ang nagkakaisa't laging sama-sama na magkakapatid!

2Langis ng olibo, ang nakakatulad at nakakawangis, sa ulo at balbas nitong si Aaron kapag ipinahid, umaagos ito't nababasâ pati ang suot na damit.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Katulad din nito'y hamog sa umaga, sa Bundok ng Hermon, hamog na dumilig sa dakong maburol na Bundok ng Zion; sa lugar na ito, nangako si Yahweh, ang pangakong buhay na mananatili.

## Mga Awit 134

**Paanyaya Upang Purihin ang Diyos**

*Isang Awit ng Pag-akyat upang Sumamba.*

1Lumapit kay Yahweh, at kayo'y magpuri, mga naglilingkod sa templo kung gabi.

2Sa loob ng templo siya'y dalanginan, taas kamay na si Yahweh'y papurihan.

3Pagpalain nawa kayo ni Yahweh, Diyos na lumikha ng langit at ng lupa; magmula sa Zion, ang iyong pagpapala.

## Mga Awit 135

**Awit ng Pagpupuri**

1Purihin si Yahweh! Ngalan niya ay purihin kayong mga lingkod niya.

2Kayong lahat na sa banal niyang templo'y pumapasok upang doon manambahan sa banal na bahay ng Diyos.

3Si Yahweh ay papurihan pagkat siya ay mabuti, ang taglay niyang kabaitan ay marapat sa papuri.

4Siya rin nga ang pumili kay Jacob na kanyang lingkod, ang Israel nama'y bansang pinili niya at kinupkop.

5Nalalaman kong si Yahweh ang Diyos na dakila, higit siya sa alinmang diyus-diyosang naglipana;

6anumang nais ni Yahweh sa langit man o sa lupa, at kahit sa karagatan, ang anumang panukala, ginaganap niya ito, sa sariling pagkukusa.

7Nilikha niya itong ulap na laganap sa daigdig, maging bagyong malalakas na may kidlat na mabilis; sa kanya rin nagmumula itong hanging umiihip.

8Pinuksa niya sa Egipto bawat anak na panganay, maging tao't maging hayop ang panganay ay namatay.

9Nagpakita siya roon ng gawang kahanga-hanga, upang kanyang pagdusahin si Farao't kanyang bansa.

10Marami rin naman siyang winasak na mga bansa, at maraming mga haring pawang bantog ang pinuksa.

11Itong haring Amoreo na si Sihon ang pangalan, at ang haring ang ngala'y Og, isang haring taga-Bashan, at iba pang mga hari na pinuksa sa Canaan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Ang lupain nila roon ay kinuha at sinamsam, ibinigay sa Israel, bayang kanyang hinirang.

13Ang pangalan mo, O Yahweh, ay magpakailanman, lahat ng nilikha, Yahweh, hindi ka malilimutan.

14Ikaw nama'y mahahabag sa lahat ng iyong lingkod, ang alipin ay lalaya sa kanilang pagkagapos.

15Ang mga diyos ng mga bansa'y gawa sa pilak at ginto, kamay ng mga tao ang humugis at bumuo.

16Oo't mayro'n silang bibig, hindi naman maibuka, mga mata'y mayroon din, hindi naman makakita;

17mayroon silang mga tainga, ngunit hindi makarinig, hindi sila humihinga, sa ilong man o sa bibig.

18Ang gumawa sa kanila, at lahat nang nagtiwala, matutulad sa idolong sila na rin ang lumikha!

19Si Yahweh ay papurihan, purihin siya, O Israel, maging kayong mga pari sa Diyos ay magpuri rin.

20Si Yahweh ay papurihan, kayong lahat na Levita, lahat kayong sumasamba ay magpuring sama-sama.

21Ang Diyos na nasa Zion ay sambahin at purihin, si Yahweh ay papurihan, sa templo sa Jerusalem. Purihin si Yahweh!

## Mga Awit 136

### Awit ng Pagpapasalamat

1Purihin si Yahweh sa kanyang kabutihan. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

2Pinakadakilang Diyos ng mga diyos ay pasalamatan. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

3Ang Panginoon ng mga panginoon ay ating pasalamatan. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

4Dakilang himala at kababalaghan, tanging kanya lamang. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

5Itong kalangitan kanyang ginawa nang buong kahusayan. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

6Nilikha ang lupa at pati ang tubig nitong kalaliman. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Siya ang lumikha, siya ang gumawa, ng araw at buwan. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

8Nilikha ang araw upang sa maghapon ay siyang tumanglaw. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

9At kanyang nilikhang pananglaw kung gabi, bituin at buwan. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

10Ang mga panganay ng mga Egipcio ay kanyang pinatay. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

11Mula sa Egipto kanyang inilabas ang bayang hinirang. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

12Ang ginamit niya'y mga kamay niyang makapangyarihan. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

13Ang Dagat na Pula, kanyang inutusan at nahati naman. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

14Ang pinili niyang bayan ng Israel ay doon dumaan. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

15Ngunit nilunod niya itong Faraon at hukbong sandatahan. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

16Nang mailabas na'y siya ang kasama habang nasa ilang. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

17Pinagpapatay niya yaong mga haring may kapangyarihan. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

18Maging mga haring bantog noong una ay kanyang pinatay. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

19Siya ang pumatay sa haring Amoreo, ang haring si Sihon. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

20Siya rin ang pumatay sa bantog na si Og, ang hari ng Bashan. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

21Ang lupain nila'y ipinamahagi sa kanyang hinirang. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

22Ipinamahagi niya sa Israel, bayang minamahal. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

23Di niya nilimot nang tayo'y malupig ng mga kaaway. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Pinalaya tayo, nang tayo'y masakop ng mga kalaban. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

25Lahat ng pagkain ng tao at hayop, siya'ng nagbibigay. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

26Ang Diyos nitong langit ay dapat purihin at pasalamatan. Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!

## Mga Awit 137

**Panaghoy ng mga Israelitang Dinalang-bihag**

1Sa pampang ng mga ilog nitong bansang Babilonia, kami'y nakaupong tumatangis, sa tuwing Zion, aming naaalala.

2Sa sanga ng mga kahoy, sa tabi ng ilog nila, isinabit namin doon, yaong dala naming lira.

3Sa amin ay iniutos ng sa amin ay lumupig, na aliwin namin sila, ng matamis naming tinig, tungkol sa Zion, yaong paksa, niyong nais nilang awit.

4Ang awit para kay Yahweh, pa'no namin aawitin, samantalang kami'y bihag sa lupaing hindi amin?

5Ayaw ko nang ang lira ko'y hawakan pa at tugtugin, kung ang bunga sa pagtugtog, limutin ang Jerusalem;

6di na ako aawit pa, kung ang aking sasapitin sa isip ko't alaala, ika'y ganap na limutin, kung ang kaligayahan ko ay sa iba ko hahanapin.

7Yahweh, sana'y gunitain, ginawa ng Edomita, nang ang bayang Jerusalem ay malupig at makuha; sumisigaw silang lahat na ang wikang binabadya: “Iguho na nang lubusan, sa lupa ay ibagsak na!”

8Tandaan mo, Babilonia, ika'y tiyak wawasakin, dahilan sa ubod sama ang ginawa mo sa amin; yaong taong magwawasak, mapalad na ituturing

9kung ang inyong mga sanggol kunin niya at durugin!

## Mga Awit 138

**Panalangin ng Pagpapasalamat**

*Katha ni David.*

1Yahweh, ako'y buong pusong aawit ng pasalamat, sa harap ng ibang diyos, pupurihin kitang ganap.

2Sa harap ng iyong templo ay yuyukod at gagalang, pupurihin kita roon, pupurihin ang iyong ngalan; dahilan sa pag-ibig mo at sa iyong katapatan, ika'y tunay na dakila, pati iyong kautusan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Noong ako ay tumawag, tinanggap ko ang tugon mo, sa lakas mong itinulong ay lumakas agad ako.

4Dahilan sa pangako mong narinig ng mga hari, pupurihin ka ng lahat at ika'y ipagbubunyi;

5ang lahat ng ginawa mo ay kanilang aawitin, at ang kadakilaan mo ay kanilang sasambitin.

6Kung ang Diyos mang si Yahweh ay dakila at mataas, hindi niya nililimot ang abâ at mahihirap; kumubli ma'y kita niya ang hambog at ang pasikat.

7Kahit ako'y nagdaranas ng maraming suliranin, ako'y walang agam-agam, panatag sa iyong piling. Nahahandang harapin mo mapupusok kong kaaway, ligtas ako sa piling mo, sa lakas na iyong taglay.

8O Diyos, mga pangako mo'y tinutupad mo ngang lahat, ang dahilan nito, Yahweh, pag-ibig mo'y di kukupas, at ang mga sinimulang gawain mo'y magaganap.

## Mga Awit 139

**Lubos ang Kaalaman at Paglingap ng Diyos**

*Isang Awit na katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1Ako'y iyong siniyasat, batid mo ang aking buhay, ang lahat kong lihim, Yahweh, ay tiyak mong nalalaman.

2Ang lahat ng gawain ko, sa iyo ay hindi lingid, kahit ikaw ay malayo, batid mo ang aking isip.

3Ako'y iyong nakikita, gumagawa o hindi man, ang lahat ng gawain ko'y pawang iyong nalalaman.

4Di pa ako umiimik, yaong aking sasabihi'y alam mo nang lahat iyon, lahat ay di malilihim.

5Ika'y laging kapiling ko, katabi ko oras-oras, ang likas mong kalakasan ang sa aki'y nag-iingat.

6Nagtataka ang sarili't alam mo ang aking buhay, di ko kayang unawain iyang iyong karunungan.

7Saan ako magpupunta, upang ako'y makatakas? Sa iyo bang Espiritu, ako ba'y makakaiwas?

8Kung langit ang puntahan ko, tiyak na naroroon ka, sa daigdig ng mga patay, humimlay man ako'y ikaw din ang kasama;

9kung ako ay makalipad, umiwas na pasilangan, o kaya ang tirahan ko'y ang duluhan ng kanluran;

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10tiyak ikaw ay naroon, upang ako'y pangunahan, matatagpo kita roon upang
ako ay tulungan.

11Kung ang aking pagtaguan ay ang dilim na pusikit, padiliming parang gabi
ang liwanag sa paligid;

12maging itong kadiliman sa iyo ay hindi dilim, at sa iyo yaong gabi'y parang
araw na maningning, madilim ma't maliwanag, sa iyo ay pareho rin.

13Ang anumang aking sangkap, ikaw, O Diyos, ang lumikha, sa tiyan ng aking
ina'y hinugis mo akong bata.

14Pinupuri kita, O Diyos, marapat kang katakutan, ang lahat ng gawain mo ay
kahanga-hangang tunay; sa loob ng aking puso, lahat ito'y nakikintal.

15Ang buto ko sa katawan noong iyon ay hugisin, sa loob ng bahay-bata doo'y
iyong napapansin; lumalaki ako roong sa iyo'y di nalilihim.

16Ako'y iyong nakita na, hindi pa man isinilang, batid mo kung ilang taon ang
haba ng aking buhay; pagkat ito'y nakatitik sa aklat mo na talaan, matagal
nang balangkas mong ikaw lamang ang may alam.

17Tunay, Yahweh, di ko kayang maabot ang iyong isip, ang dami ng iyong
balak ay hindi ko nababatid;

18kung ito ay bibilangin, ay sindami ng buhangin, sasaiyo pa rin ako kung
umaga na magising.

19Ang hangad ko, aking Diyos, patayin mo ang masama, at ang mga
mararahas ay iwanan akong kusa.

20Mayroon silang sinasabing masasama laban sa iyo, at kanilang dinudusta,
pati na ang pangalan mo.

21Lubos akong nasusuklam sa sinumang muhi sa iyo, ang lahat ng nag-aalsa
laban sa iyo'y di ko gusto.

22Lubos akong nagagalit, lubos din ang pagkasuklam, sa ganoong mga tao
ang turing ko ay kaaway.

23O Diyos, ako'y siyasatin, alamin ang aking isip, subukin mo ako ngayon,
kung ano ang aking nais;

24kung ako ay hindi tapat, ito'y iyong nababatid, sa buhay na walang
hanggan, samahan mo at ihatid.

## Mga Awit 140

**Panalangin Upang Ingatan ng Diyos**

*Isang Awit na katha ni David upang awitin ng Punong Mang-aawit.*

1Sa mga masama ako ay iligtas, iligtas mo, Yahweh, sa mga marahas;

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[2]sila'y nagpaplano at kanilang hangad palaging mag-away, magkagulo lahat.

[3]Mabagsik ang dila na tulad ng ahas, tulad ng ulupong, taglay na kamandag. (Selah)

[4]Sa mga masama ako ay iligtas; iligtas mo, Yahweh, sa mga marahas, na ang nilalayon ako ay ibagsak.

[5]Taong mga hambog, ang gusto sa akin, ako ay masilo, sa bitag hulihin, sa bitag na umang sa aking landasin. (Selah)

[6]Sabi ko kay Yahweh, "Ikaw ang aking Diyos." Kaya ako'y dinggin sa aking pagdulog.

[7]Panginoong Yahweh, na Tagapagligtas, nang ako'y lusubin, ikaw ang nag-ingat.

[8]Taong masasama, sa kanilang hangad ay iyong hadlangan, biguin mo agad. (Selah)

[9]Ang mga kaaway, huwag pagtagumpayin, pagdusahin sila sa banta sa akin.

[10]Bagsakan mo sila ng apoy na baga, itapon sa hukay nang di makaalsa.

[11]At ang mga taong gawai'y mangutya, huwag pagtagumpayin sa kanilang nasa; ang marahas nama'y bayaang mapuksa.

[12]Batid ko, O Yahweh, iyong papanigan ang mga mahirap, upang isanggalang, at pananatilihin ang katarungan.

[13]Ang mga matuwid magpupuring tunay, ika'y pupurihi't sa iyo mananahan!

## Mga Awit 141

**Panalangin sa Gabi**

*Awit ni David.*

[1]Sa iyo, O Yahweh, ako'y dumadalangin sa aking pagtawag, ako sana'y dinggin.

[2]Ang aking dalangin sana'y tanggapin mo, masarap na samyong handog na insenso; itong pagtaas ng mga kamay ko.

[3]O Yahweh, bibig ko ay iyong bantayan, ang mga labi ko'y lagyan mo ng bantay.

[4]Huwag mong babayaang ako ay matukso, sa gawang masama ay magumon ako; ako ay ilayo, iiwas sa gulo, sa handaan nila'y nang di makasalo.

[5]Pagkat may pag-ibig, ang mabuting tao puwedeng magparusa't pagwikaan ako, ngunit ang masama ay hindi ko ibig na ang aking ulo'y buhusan niya ng

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

langis; pagkat ang dalangin at lagi kong hibik, ay laban sa gawa niyang malulupit.

6Kung sila'y bumagsak tuloy na hatulan, maniniwala na ang mga nilalang na ang salita ko ay katotohanan.

7Tulad ng panggatong na pira-piraso, sa pinaglibinga'y kakalat ang buto.

8Di ako hihinto sa aking pananalig, ang pag-iingat mo'y aking ninanais, huwag mong itutulot, buhay ko'y mapatid.

9Sa mga patibong ng masamang tao, ilayo mong lubos, ingatan mo ako.

10Iyong pabayaang sila ang mahulog, samantalang ako'y ligtas mong kinupkop.

## Mga Awit 142

**Panalangin Upang Tulungan ng Diyos**

*Isang Maskil ni David, nang siya'y nasa kuweba. Ito'y isa ring panalangin.*

1O Yahweh, ako ay humingi ng tulong, ako'y maghihintay sa iyong pagtugon;

2ang aking dinala'y lahat kong hinaing, at ang sinabi ko'y pawang suliranin.

3Nang ako ay halos wala nang pag-asa, ang dapat kong gawi'y nalalaman niya. Sa landas na aking pinagdaraanan, may handang patibong ang aking kaaway.

4Sa aking paligid, nang ako'y lumingon, wala ni isa man akong makatulong; wala kahit isa na magsasanggalang, ni magmalasakit na kahit sinuman.

5Ako ay humibik, kay Yahweh dumaing, sa Tagapagligtas, ako'y dumalangin; tunay na ikaw lang mahalaga sa akin.

6Dinggin ang hibik ko, ako ay tulungan, pagkat halos ako'y di makagulapay; iligtas mo ako sa mga kaaway, na mas malalakas ang mga katawan.

7Sa suliranin ko, ako ay hanguin, at ang pangalan mo'y aking pupurihin, sa gitna ng madlang mga lingkod mo rin sa kabutihan mong ginawa sa akin!

## Mga Awit 143

**Panalangin Upang Tulungan ng Diyos**

*Awit ni David.*

1Dinggin mo, O Yahweh, ang aking dalangin, tapat ka't matuwid, kaya ako'y dinggin.

2Itong iyong lingkod, huwag mo nang subukin, batid mo nang lahat, kami ay salarin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Ako ay tinugis ng aking kaaway, lubos na nilupig ng aking kalaban; sa dilim na dako, ako ay nakulong, tulad ko'y patay nang mahabang panahon.

4Ang kaluluwa ko'y halos sumuko na, sapagkat ang buhay ko'y wala nang pag-asa.

5Araw na lumipas, aking nagunita, at naalala ang iyong ginawa, sa iyong kabutihan, ako ay namangha!

6Ako'y dumalangin na taas ang kamay, parang tuyong lupa ang diwa kong uhaw. (Selah)

7Nawala nang lahat ang aking pag-asa, kaya naman, Yahweh, ako'y dinggin mo na! Kung ika'y magkubli, baka ang hantungan ako ay ituring na malamig na bangkay, at ang tunguhin ko'y madilim na hukay.

8Ako ay umasa, sa iyo nagtiwala, sa pagsapit ng umaga ay ipagugunita yaong pag-ibig mo na lubhang dakila. Ang aking dalangin na sa iyo'y hibik, patnubayan ako sa daang matuwid.

9Iligtas mo ako sa mga kalaban, ikaw lang, O Yahweh, ang aking kanlungan.

10Ikaw ang aking Diyos, ako ay turuan na aking masunod ang iyong kalooban; ang Espiritu mo'y maging aking tanglaw sa aking paglakad sa ligtas na daan.

11Ikaw ay nangakong ako'y ililigtas, pagkat dakila ka, iligtas mo agad; iligtas mo ako sa mga bagabag.

12Dahilan sa iyong pagtingin sa akin, ang mga kaaway ko'y iyong lipulin; ang nagpapahirap sa aki'y wasakin, yamang ang lingkod mo ay iyong alipin.

## Mga Awit 144

**Pasasalamat sa Diyos sa Pagtatagumpay ng Hari**

*Katha ni David.*

1Purihin si Yahweh na aking kanlungan, sa pakikibaka, ako ay sinanay; inihanda ako, upang makilaban.

2Matibay kong muog at Tagapagligtas, at aking tahanang hindi matitinag; Tagapagligtas kong pinapanaligan, nilulupig niya sakop kong mga bayan.

3O Yahweh, ano nga ba naman ang tao? At pinagtutuunan mo siya ng pansin?

4Katulad ay ulap na tangay ng hangin, napaparam siya na tulad ng lilim.

5Langit mong tahanan ay iyong hubugin, Yahweh, lisanin mo't bumabâ sa amin; mga kabundukan ay iyong yanigin, lalabas ang usok, aming mapapansin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Ang maraming kidlat ay iyong suguin, lahat ng kaaway iyong pakalatin; sa pagtakas nila ay iyong tudlain!

7Abutin mo ako at iyong itaas, sa kalalimang tubig ako ay iligtas; ipagsanggalang mo't nang di mapahamak sa mga dayuhang may taglay na lakas,

8ubod sinungaling na walang katulad, kahit ang pangako'y pandarayang lahat.

9O Diyos, may awitin akong bagung-bago, alpa'y tutugtugin at aawit ako.

10Tagumpay ng hari ay iyong kaloob, at iniligtas mo si David mong lingkod.

11Iligtas mo ako sa mga malupit kong kaaway; sa kapangyarihan ng mga banyaga ay ipagsanggalang; sila'y sinungaling, di maaasahan, kahit may pangako at mga sumpaan.

12Nawa ang ating mga kabataan lumaking matatag tulad ng halaman. Ang kadalagaha'y magandang disenyo, kahit saang sulok ng isang palasyo.

13At nawa'y mapuno, mga kamalig natin ng lahat ng uri ng mga pagkain; at ang mga tupa'y magpalaanakin, sampu-sampung libo, ito'y paramihin.

14Mga kawan natin, sana'y dumami rin at huwag malagas ang kanilang supling; sa ating lansangan, sana'y mawala na ang mga panaghoy ng lungkot at dusa!

15Mapalad ang bansang kanyang pinagpala. Mapalad ang bayang si Yahweh'y Diyos na dinadakila!

## Mga Awit 145

**Awit ng Pagpupuri**

*Katha ni David.*

1Ang kadakilaan ng Diyos ko at Hari, aking ihahayag, di ko titigilan magpakailanman ang magpasalamat,

2aking pupurihi't pasasalamatan siya araw-araw, di ako titigil ng pasasalamat magpakailanman.

3Dakila ka, Yahweh, at karapat-dapat na ika'y purihin; kadakilaan mo'y tunay na mahirap naming unawain.

4Sa alinmang lahi, ang iyong ginawa ay papupurihan, ihahayag nila ang mga gawa mong makapangyarihan.

5Ang karangalan mo at pagkadakila'y ipamamalita, at isasaysay ko ang mga gawa mo na kahanga-hanga.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Ang mga gawa mong makapangyariha'y ipamamalita; sa lahat ng tao'y aking sasabihing ikaw ay dakila.

7Ihahayag nila ang lahat ng iyong mga kabutihan, aawitin nila nang may kagalakan ang iyong katuwiran.

8Si Yahweh'y mapagmahal at punô ng habag, hindi madaling magalit, ang pag-ibig ay wagas.

9Siya ay mabuti at kahit kanino'y hindi nagtatangi; sa kanyang nilikha, pagkalinga niya ay mamamalagi.

10Magpupuring lahat sa iyo, O Yahweh, ang iyong nilalang; lahat mong nilikha ay pupurihin ka't pasasalamatan.

11Babanggitin nilang tunay na dakila ang iyong kaharian, at ibabalitang tunay kang dakila't makapangyarihan.

12Dakila mong gawa'y upang matalastas ng lahat ng tao, mababatid nila ang kadakilaan ng paghahari mo.

13Ang paghahari mo'y sadyang walang hanggan, hindi magbabago. Di ka bibiguin sa bawat pangako pagkat ang Diyos ay tapat, ang kanyang ginawa kahit ano ito ay mabuting lahat.

14Siya'y tumutulong sa lahat ng tao na may suliranin; at sa pagkalugmok, sa panghihina ay kanyang hahanguin.

15Lahat ng mga buháy ay tanging si Yahweh ang inaasahan, siyang nagdudulot ng pagkain nilang kinakailangan.

16Binibigyan sila nang sapat na sapat, hindi nagkukulang; anupa't ang lahat ay may tinatanggap na ikabubuhay.

17Matuwid si Yahweh sa lahat ng bagay niyang ginagawa; kahit anong gawin ay kalakip ang masagana niyang awa.

18Siya'y nakikinig at handang tumulong sa lahat ng tao, sa sinumang taong pagtawag sa kanya'y tapat at totoo.

19Bawat kailangan ng taong tapat at may takot sa kanya, kanyang tinutugon, at kung nagigipit hinahango sila.

20Yaong umiibig sa kanya ng lubos ay iniingatan; ngunit ang masama'y wawasakin niya't walang mabubuhay.

21Aking pupurihin ang Diyos na si Yahweh, habang nabubuhay, sa ngalan niyang banal, lahat ay magpuri magpakailanman!

## Mga Awit 146

### Pagpupuri sa Diyos na Tagapagligtas

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Purihin si Yahweh! Purihin mo si Yahweh, O aking kaluluwa!

2Pupurihin siya't aking aawitan; aking aawitan habang ako'y buháy.

3Sa mga pangulo'y huwag kang manghahawak, kahit sa kaninong di
makapagligtas;

4kung sila'y mamatay, balik sa alabok, kahit anong plano nila'y natatapos.

5Mapalad ang tao, na ang kanyang Diyos na laging katulong ay ang Diyos ni
Jacob; sa Diyos na si Yahweh, umaasang lubos,

6sa Diyos na lumikha niyong kalangitan, ng lupa at dagat, at lahat ng bagay.
Ang kanyang pangako ay maaasahan.

7Panig sa naaapi, kung siya'y humatol, may pagkaing handa, sa
nangagugutom. Pinalaya niya ang mga nabihag;

8isinasauli, paningin ng bulag; lahat ng inapi ay itinataas, ang mga hinirang
niya'y nililingap.

9Isinasanggalang ang mga dayuhang sa lupain nila'y doon tumatahan;
tumutulong siya sa balo't ulila, ngunit sa masama'y parusa'ng hatid niya.

10Walang hanggang Hari, ang Diyos na si Yahweh! Ang Diyos mo, Zion, ay
mananatili! Purihin si Yahweh!

## Mga Awit 147

### Pagpupuri sa Diyos na Makapangyarihan

1Purihin si Yahweh! O kay sarap umawit at magpuri sa ating Diyos, ang
magpuri sa kanya'y tunay na nakalulugod.

2Ang lunsod ng Jerusalem, muli niyang ibabalik, sa kanyang mga lingkod, na
natapon at nalupig.

3At ang mga pusong wasak ay kanya ring lulunasan, ang natamo nilang sugat
ay bibigyang kagalingan.

4Alam niya't natitiyak ang bilang ng mga bituin, isa-isang tinatawag, sa
pangala'y itinuring.

5Si Yahweh na ating Diyos ay dakila at malakas, taglay niyang karunungan,
hinding-hindi masusukat.

6Taong mapagpakumbaba'y siya niyang itataas, ngunit lahat ng mayabang
sa lupa ay ibabagsak.

7Umawit ng mga imno at si Yahweh ay purihin, purihin ang ating Diyos at ang
alpa ay tugtugin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Ang ulap sa kalangitan ay siya ang naglalatag, itong lupa'y dinidilig ng saganang tubig-ulan, sa bundok at gubat nama'y, mga damo'y binubuhay.

9Pagkain ng mga hayop, siya rin ang nagbibigay, pinapakain nga niya nagugutom na inakay.

10Hindi siya nalulugod sa kabayong malalakas, kahit mga piling kawal hindi siya nagagalak.

11Ngunit sa may pagkatakot, kasiyahan niya'y labis, sa kanilang may tiwala sa matatag niyang pag-ibig.

12Purihin si Yahweh, mga taga-Jerusalem! Purihin mo ang iyong Diyos, kayong mga taga-Zion!

13Pagkat mga pintuan mo ay siya ang nag-iingat, ang anak mo't mga lingkod, pinagpala niyang lahat.

14Ginagawang mapayapa ang iyong hangganan, sa kaloob niyang trigo, bibigyan kang kasiyahan.

15Kapag siya'y nag-uutos, agad itong natutupad, dumarating sa daigdig, na hindi na nagluluwat.

16Singkapal ng damit-tupa mga yelong pumapatak, para itong alikabok na sa lupa'y nalalaglag.

17Mga yelong buo-buo, sinlaki ng munting bato, lumalagpak, na ang lamig di matiis kahit sino.

18Ang yelo ay natutunaw, sa isa lang niyang utos, umiihip ang hangin at ang tubig ay umaagos.

19Kay Jacob niya ibinigay ang lahat ng tagubilin, ang tuntuni't mga aral, ibinigay sa Israel.

20Ang ganitong karapatan ay wala ang ibang bansa, pagkat hindi nila batid ang utos na itinakda. Purihin si Yahweh!

## Mga Awit 148

**Paanyaya sa Lahat Upang Purihin ang Diyos**

1Purihin si Yahweh! Purihin ang Diyos, nitong kalangitan, kayo sa itaas siya'y papurihan.

2Ang lahat ng anghel, magpuri't magdiwang, kasama ang hukbo roong karamihan!

3Ang araw at buwan, siya ay purihin, purihin din siya ng mga bituin,

4mataas na langit, siya ay purihin, tubig sa itaas, gayon din ang gawin!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Siya ang may utos na kayo'y likhain, kaya ang ngalan niya ay dapat purihin.

6Kanyang itinatag, kanilang kinalagyan, hindi magbabago magpakailanpaman.

7Purihin n'yo si Yahweh, buong sanlibutan, maging dambuhala nitong karagatan.

8Ulan na may yelo, kidlat pati ulap, malakas na hangin, sumunod na lahat!

9Pagpupuri kay Yahweh lahat ay mag-ukol. Mga kabundukan, mataas na burol, malawak na gubat, mabubungang kahoy;

10hayop na maamo't mailap na naroon, maging hayop na gumagapang at mga ibon.

11Pupurihin siya ng lahat ng tao, hari at prinsipe, lahat ng pangulo;

12babae't lalaki, mga kabataan, matatandang tao't kaliit-liitan.

13Sa ngalan ni Yahweh, magpuri ang lahat, ang kanyang pangala'y pinakamataas; sa langit at lupa'y maluwalhating ganap.

14Siya'ng nagpalakas sa sariling bansa, kaya pinupuri ng piniling madla, ang bayang Israel, mahal niyang lubha! Purihin si Yahweh!

## Mga Awit 149

### Awit ng Pagpupuri

1Purihin si Yahweh! O si Yahweh ay purihin, awitan ng bagong awit, purihin sa pagtitipon nitong mga tapat sa kanya.

2Magalak ka, O Israel, dahilan sa Manlilikha; dahilan sa iyong hari, ikaw Zion ay matuwa.

3Purihin sa pagsasayaw, purihin ang kanyang ngalan; alpa't tambol ay tugtugin, at siya ay papurihan.

4Si Yahweh ay nagagalak sa kanyang mga hirang, sa mga mapagpakumbaba'y tagumpay ang ibibigay.

5Sa tagumpay na natamo, magalak ang mga hirang, sa kanilang pagdiriwang ay magsaya't mag-awitan.

6Papuri sa ating Diyos, ipahayag nang malakas, hawak-hawak ang espadang dobleng-talim at matalas,

7upang bawat mga bansang nagmalabis ay gantihan, at bigyan ang mamamayan ng parusang kailangan.

8Mga hari't maharlika ay kanilang bibihagin, sa tanikalang bakal, silang lahat ay gagapusin,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9upang sila ay hatulan sang-ayon sa itinakda. Ito ang siyang karangalan ng kanyang pinagpala. Purihin si Yahweh!

## Mga Awit 150

### Purihin si Yahweh

1Purihin si Yahweh! Sa banal na templo, ang Diyos ay awitan, purihin sa langit ang lakas na taglay!

2Siya ay purihin sa kanyang ginawa, siya ay purihin, sapagkat dakila.

3Purihin sa tugtog ng mga trumpeta, awitan sa saliw ng alpa at lira!

4Sa tugtog ng tambol, magsayaw, purihin, mga alpa't plauta, lahat ay tugtugin!

5Ang Diyos ay purihin sa tugtog ng pompiyang, sa lakas ng tugtog siya'y papurihan.

6Purihin si Yahweh lahat ng nilalang! Purihin si Yahweh!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Kawikaan

## Mga Kawikaan 1

### Ang Kahalagahan ng mga Kawikaan

1Ang mga kawikaan ni Solomon na anak ni David, hari ng Israel.

2Sa pamamagitan nito, ang tao'y magtatamo ng karunungan at pang-unawa sa mga salitang puno ng aral sa buhay.

3Itinuturo nito ang matuwid na paraan ng pamumuhay, katuwiran, katarungan, at katapatan.

4Mabibigyan nito ng talino ang mga walang karanasan, at ang mga kabataa'y matuturuang magpasya nang tama.

5Sa pamamagitan nito, lalong tatalino ang matalino at magiging dalubhasa ang kakaunti ang kaalaman.

6Sa gayon, lubos nilang mauunawaan ang mga kawikaan, gayon din ang palaisipan ng mga marurunong.

### Payo sa mga Kabataan

7Ang paggalang at pagsunod kay Yahweh ay pasimula ng karunungan, ngunit walang halaga sa mga mangmang ang aral at mga saway.

8Anak ko, dinggin mo ang aral ng iyong ama, at huwag ipagwalang-bahala ang turo ng iyong ina;

9sapagkat ang mga iyon ay parang korona sa iyong ulo, parang kuwintas na may dalang karangalan.

10Aking anak, sakali mang akitin ka ng mga makasalanan, huwag kang papayag, tanggihan mo sila.

11Kung sabihin nilang, “Halika't tayo ay mag-abang, bilang katuwaa'y daluhungin ang mga walang malay.

12Sila'y ating dudumugi't walang awang papatayin, at sila ay matutulad sa patay na ililibing.

13Ating sasamsamin ang lahat nilang kagamitan, bahay nati'y mapupuno ng malaking kayamanan.

14Halika at sa amin ikaw nga ay sumama, lahat ng masasamsam, bibigyan ang bawat isa.”

15Aking anak, sa kanila ay iwasan mong makisama, umiba ka ng landas mo, papalayo sa kanila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Ang lagi nilang hangad, gumawa ng kasamaan, sa tuwina ang bisig ay nakahanda sa pagpatay.

17Sa pag-uumang ng bitag ay walang mangyayari, kung nakikita ng ibon na nais mo siyang mahuli.

18Ngunit hindi nalalaman ng mga taong iyon, bitag nila ang sisilo sa sarili nilang ulo.

19Ganyan ang uuwian ng nabubuhay sa karahasan, sa ganyan nga magwawakas ang masamang pamumuhay.

**Ang Paanyaya ng Karunungan**

20Karununga'y umaalingawngaw sa mataong lansangan, tinig niya'y nangingibabaw sa lugar ng pamilihan.

21Ito'y lumalampas sa mataas na mga muog, ang ugong niya'y naririnig sa pintuan nitong lunsod:

22“Taong mangmang, walang hustong kaalaman, hanggang kailan ka tatagal sa abâ mong kalagayan? Hanggang kailan ka mananatili sa iyong kamangmangan? Kailan mo pa iisiping maghanap ng kaalaman?

23Ang payo ko ay pakinggan n'yo at dinggin ang aking pangaral; sasainyo ang diwa ko at ang aking kaalaman.

24Patuloy nga itong mga panawagan ko sa inyo, ngunit hindi ninyo pansin pati mga saway ko.

25Winalang-bahala n'yo ang aking mga payo, ayaw ninyong bigyang pansin, paalala ko sa inyo.

26Dahil dito, kayo'y aking tatawanan, kapag kayo'y napahamak, nasadlak sa kaguluhan.

27Kapag kayo ay hinampas ng bagyo nitong buhay, dinatnan ng kahirapan, ipu-ipo ang larawan, at kung datnan kayo ng hapis at matinding dalamhati,

28sa araw na iyon ay di ko papakinggan ang inyong panawagan. Hahanapin ninyo ako ngunit hindi masusumpungan.

29Pagkat itong karunungan ay di ninyo pinahahalagahan, kay Yahweh ay di sumunod nang may lakip na paggalang.

30Inyo pa ngang tinanggihan itong aking mga payo, itinapong parang dumi itong paalala ko.

31Kaya nga, inyong aanihin ang bunga ng inyong gawa, at kayo ay uusigin ng inyong pagnanasang ubod sama.

32Katigasan ng ulo ang papatay sa mangmang, sa dusa ay masasadlak sa kawalan ng kaalaman.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

33 Ngunit ang makinig sa akin, mananahan nang tiwasay, mabubuhay nang payapa, walang katatakutan.”

## Mga Kawikaan 2

### Ang Kahalagahan ng Karunungan

1 Aking anak, ang mga pangaral ko ay dinggin mo, at ang aking mga utos, ingatan nga at sundin mo.

2 Ang pakinig mo'y ibaling sa wastong karunungan, at ito ay isipin nang iyong maunawaan.

3 Pagsikapan mong hanapin ang tunay na kaalaman, pang-unawa'y pilitin mong makita at masumpungan.

4 Kung ito ay parang pilak na iyong hahanapin, at tulad ng ginto, na iyong miminahin,

5 malalaman mo kung ano ang kahulugan ng paggalang at pagsunod kay Yahweh, at matatamo ang kaalaman tungkol sa Diyos.

6 Sapagkat si Yahweh ang nagkakaloob ng karunungan, sa bibig niya ang kaalaman at unawa'y bumubukal.

7 Bibigyan niya ng unawa ang matuwid ang pamumuhay, at ang taong matapat ay kanyang iingatan.

8 Binabantayan niya ang daan ng katarungan, at ang lakad ng lingkod niya'y kanyang sinusubaybayan.

9 Kaya nga, iyong mauunawaan ang katuwiran at katarungan, at iyong susundan ang landas ng kabutihan.

10 Lalawak ang karunungang matatanim sa isipan, madadama ang kasiyahang dulot nitong kaalaman.

11 Ang natamong kaalaman sa iyo ay mag-iingat, ang unawa'y maglilihis sa liku-likong landas.

12 Ilalayo ka nito sa masamang pamumuhay, at doon sa mga taong ang nais ay kaguluhan;

13 ilalayo ka rin nito sa mga tampalasan, na ang landas na pinili ay landas ng kadiliman,

14 mga taong ang hilig ay paggawa ng kasamaan, ang kanilang kasiyaha'y pawang walang kabuluhan.

15 Sa ugaling taglay nila'y di sila maaasahan, sila ay hindi tapat, hindi mapagkakatiwalaan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Malalayo ka sa babaing mahalay, at sa kanyang pang-aakit ay hindi ka maaakay.

17Siya ay babaing hindi tapat sa asawa; ang sumpaan sa altar ay binaliwala niya.

18Kaya naman ang landas niya'y patungo sa kamatayan, at ang kanyang buhay ay tungo sa kawakasan.

19Sinumang maakit niya ay tuluyang natatangay, at hindi na makakabalik sa maayos na pamumuhay.

20Kaya nga, tahakin mo ang landas ng kabutihan, huwag itong hiwalayan hanggang hininga ay mapatid.

21Pagkat ang mabuting tao'y magtatagal sa daigdig, ang may buhay na matapat ay hindi matitinag.

22Ngunit ang masama sa lupai'y mawawala, bubunutin pati ugat ng lahat ng mandaraya.

## Mga Kawikaan 3

### Payo sa mga Kabataang Lalaki

1Anak ko, ang aral ko ay huwag mong lilimutin, lahat ng aking utos sa isipan mo'y itanim;

2upang araw mo'y tumagal, humaba ang iyong buhay, at maging masagana sa lahat ng kailangan.

3Pananalig at katapata'y huwag mong tatalikuran, ikuwintas sa iyong leeg at itanim sa isipan.

4Sa gayon, malulugod sa iyo ang Diyos, at kikilalanin ka ng mga tao.

5Kay Yahweh ka magtiwala, buong puso at lubusan, at huwag kang mananangan sa sariling karunungan.

6Sa lahat ng iyong gawain siya nga'y alalahanin, upang ika'y patnubayan sa iyong mga tatahakin.

7Huwag mong ipagyabang ang iyong nalalaman; igalang mo't sundin si Yahweh, at lumayo ka sa kasamaan.

8Sa gayon, ikaw ay lalakas at magiging matatag, mawawala ang pighati, gagaling ang iyong sugat.

9Parangalan mo si Yahweh sa pamamagitan ng iyong mga kayamanan, at mula sa iyong mga pinakamainam na ani, siya ay iyo ring handugan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Sa gayon, kamalig mo ay lagi nang aapaw, sisidlan ng inumin ay hindi nga matutuyuan.

11Aking anak, ang saway ni Yahweh ay huwag mamaliitin, at ang kanyang pagtutuwid ay huwag mong itakwil,

12pagkat lahat ng mahal niya'y itinatama ng daan, tulad ng anak na minamahal, sinasaway ng magulang.

13Mapalad ang isang taong nakasumpong ng karunungan, at ang taong nagsisikap, unawa ay nagtatamo.

14Higit pa sa pilak ang pakinabang dito, at higit sa gintong lantay ang tubo nito.

15Sa alinmang alahas ay higit ang karunungan, at walang kayamanang dito ay maipapantay.

16Mahabang buhay ang dulot ng kaalaman, may taglay na kayamanan at may bungang karangalan.

17Maaliwalas ang landas ng taong may kaalaman, at puno ng kapayapaan ang lahat niyang araw.

18Mapalad nga ang taong may taglay na karunungan, para siyang punongkahoy na mabunga kailanman.

19Karunungan ang ginamit ni Yahweh sa paglikha sa daigdig, sa pamamagitan ng talino, inayos niya ang buong langit.

20Dahil sa kaalaman niya'y umaagos itong tubig, pumapatak nga ang ulan mula doon sa langit.

**Ang Matiwasay na Pamumuhay**

21Aking anak, karunungan at hinahon ay huwag mong iwawala, huwag babayaang makaalpas sa isipan at gunita.

22Pagkat dulot nito'y masagana at marangal na pamumuhay.

23At kung magkagayo'y lalakad kang matiwasay, sa landas mo'y hindi ka matatalisod.

24Sa lahat ng iyong lakad wala kang aalalahanin, at lahat ng pagtulog mo ay masarap at mahimbing.

25Kahit hampas nitong bagyo ay dumating nang biglaan, hindi ka mababagabag tulad ng mga mangmang.

26Pagkat tiwala kang si Yahweh ang kaagapay mo, at di niya hahayaang sa bitag ika'y masilo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Ang kagandahang-loob ay huwag ipagkait sa kapwa, kung ika'y may kakayahan na ito ay magawâ.

28Kung mayroon ka ngayon ng kanyang kailangan, huwag nang sasabihing, “Bumalik ka't bukas ibibigay.”

29Huwag gagawan ng masama ang iyong kaibigan na sa iyo'y umaasa, at may tiwalang lubusan.

30Huwag makikipag-away nang walang sapat na dahilan, kung hindi ka ginagawan ng anumang kasamaan.

31Huwag kang maiinggit sa taong marahas ni lalakad man sa masama niyang landas.

32Pagkat si Yahweh ay nasusuklam sa mga isipang baluktot, ngunit nalulugod siya sa taong sa kanya ay may takot.

33Ang sumpa ni Yahweh ay di lalayo sa masama, ngunit ang mga banal ay kanyang pinagpapala.

34Ang mga palalo'y kanyang kinasusuklaman, ngunit kinaluluguran niya ang may mababang kalooban.

35Ang taong matalino'y magkakamit-karangalan, ngunit puro kahihiyan ang aanihin ng mangmang.

## Mga Kawikaan 4

### Ang Payo ng mga Magulang

1Dinggin ninyo, mga anak, ang turo ng inyong ama, sasainyo ang unawa kung laging diringgin siya.

2Pagkat tiyak na mabuti itong aking sinasabi, kaya't aking mga katuruan huwag mong isantabi.

3Noong ako ay bata pa, nasa kupkop pa ni ama, batambata, walang malay, tanging anak nga ni ina,

4itinuro niya sa akin at kanyang sinabi, “Sa aking mga aral buong puso kang manangan, sundin mo ang aking utos at ikaw ay mabubuhay.

5Salita ko'y huwag mong lilimutin o tatalikuran, ang pang-unawa at karunungan, sikaping makamtan.

6Huwag mo itong pabayaan at ika'y kanyang iingatan, huwag mo siyang iiwanan at ika'y kanyang babantayan.

7Unahin mo sa lahat, pagtuklas ng karunungan, ito'y pilitin mong matamo kahit gaano kamahal.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Karununga'y pahalagahan at ika'y kanyang itataas, bibigyan kang karangalan kapag iyong niyakap.

9Siya'y korona sa ulo, sakdal ganda, anong inam, at putong ng kaluwalhatian sa iyong katauhan."

10Makinig ka, aking anak, payo ko ay tanggapin, lalawig ang iyong buhay, maraming taon ang bibilangin.

11Ika'y pinatnubayan ko sa daan ng karunungan, itinuro ko sa iyo ang daan ng katuwiran.

12Hindi ka matatalisod sa lahat ng iyong hakbang, magmabilis man ng lakad ay hindi ka mabubuwal.

13Panghawakan mo nga ito at huwag pabayaan, ito ay ingatan mo pagkat siya'y iyong buhay.

14Ang daan ng kasamaan ay huwag mong lalakaran, at ang buhay ng masama, huwag mo ngang tutularan.

15Kasamaa'y iwasan mo, ni huwag lalapitan, bagkus nga ay talikuran mo, tuntunin ang tamang daan.

16Sila'y hindi makatulog kapag di nakagawa ng masama, at hindi matahimik kapag nasa'y di nagawa.

17Ang kanilang kinakain ay buhat sa kasamaan, ang kanilang iniinom ay bunga ng karahasan.

18Ngunit ang daan ng matuwid, parang bukang-liwayway, tumitindi ang liwanag habang ito'y nagtatagal.

19Ang daan ng masama'y pusikit na kadiliman, ni hindi niya makita kung saan siya nabubuwal.

20Aking anak, salita ko ay pakinggan mong mabuti, pakinig mo ay ikiling sa aking sinasabi.

21Huwag itong babayaang mawala sa paningin, sa puso mo ay iukit nang mabuti at malalim.

22Pagkat itong kaalaman ay daan ng buhay, nagbibigay kalusuga't kagalingan ng katawan.

23Ang puso mo'y ingatang mabuti at alagaan, pagkat iyan ang siyang bukal ng buhay mong tinataglay.

24Ilayo mo sa iyong bibig ang salitang mahahalay, ilayo ang mga labi sa kasinungalingan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Palaging sa hinaharap ang pukol ng iyong tanaw, ituon ang iyong pansin sa iyong patutunguhan.

26Siyasatin mong mabuti ang landas na lalakaran, sa gayon ang lakad mo ay laging matiwasay.

27Huwag kang liliko sa kaliwa o sa kanan; humakbang nang papalayo sa lahat ng kasamaan.

## Mga Kawikaan 5

### Babala Laban sa Pangangalunya

1Aking anak, karununga'y pakinggan mong mabuti, pakinig mo ay ikiling sa aking sinasabi.

2Sa gayo'y magagawa mo ang mabuting pagpapasya, at ang bawat sabihin mo'y kaalaman ang ibabadya.

3Pagkat labi ng haliparot ay sintamis nitong pulot, at ang kanyang mga halik, kasiyahan nga ang dulot.

4Ngunit pagkatapos mong magpasasa sa alindog, hapdi, kirot ang kapalit ng kaunti niyang lugod.

5Ang kanyang mga hakbang ay tungo sa kamatayan, daigdig ng mga patay, ang landas na hahantungan.

6Pagkat di niya siniyasat daang patungo sa buhay, ang daan niya'y liku-liko, ni hindi niya ito nalalaman.

7Kaya nga, aking anak, sa akin ay makinig, huwag lilimutin, salita ng aking bibig.

8Lumayo ka sa babaing masama ang pamumuhay, ni huwag kang lalapit sa pinto ng kanyang bahay.

9Baka dangal mo'y sirain at angkinin pa ng iba, sa kamay ng masasama ay mamatay kang maaga.

10Ang yaman mo'y uubusin ng taong di mo kilala, mga pinagpaguran mo, makikinabang ay iba.

11Kung magkagayon, wakas mo ay anong saklap, walang matitira sa iyo kundi buto't balat.

12Dito mo nga maiisip: “Dangan kasi'y di ko pansin ang kanilang pagtutuwid, puso ko ay nagmatigas, sinunod ang aking hilig.

13Ang tinig ng aking guro ay hindi ko dininig, sa kanilang katuruan, inilayo ang pakinig.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14At ngayon ay narito ang abâ kong kalagayan, isang kahihiyan sa ating lipunan.”

15Ang dapat ay maging tapat sa asawang minamahal, at ang tangi mong pag-ibig, iukol sa kanya lamang.

16Kung ika'y magkaanak sa babaing di asawa, walang buting idudulot, manapa nga ay balisa.

17Anak mo'y dapat lumaki nang ikaw ay matulungan, upang hindi do'n sa iba iasa ang iyong buhay.

18Kaya nga ba't mahalin mo ang kabiyak ng iyong buhay, ang ligaya ay lasapin sa mabango niyang kandungan.

19Mabait siya at mahinhin, babaing kaakit-akit, ligaya mo'y nasa kanya sa pitak ng kanyang dibdib.

20Sa ibang babae ay huwag ka sanang paaakit, ni huwag mong papansinin makamandag niyang halik.

21Ang paningin ni Yahweh sa tao'y di iniaalis, laging nakasubaybay, bawat oras, bawat saglit.

22Kasamaan ng isang tao ay bitag na nakaumang, siya ang magdurusa sa sariling kasalanan.

23Pagkat walang pagpipigil, siya ay mamamatay at dahil sa kamangmangan, hantungan niya'y sa libingan.

## Mga Kawikaan 6

### Mga Dagdag na Babala

1Aking anak, sa utang ba ng iba ikaw ay nananagot?

2Ikaw ba ay nangako, sa utang niya ay nasangkot?

3Kung gayon ay nasasakop ka ng kanyang pagpapasya, ngunit ito ang gawin mo nang makaiwas sa problema: Ikaw ay magmadali sa kanya ay makiusap, sabihin mong pawalan ka sa napasukan mong bitag.

4Huwag kang titigil, huwag kang maglulubay, ni huwag kang iidlip, hanggang walang kalayaan.

5Iligtas ang sarili mo parang usang tumatakas, at tulad niyong ibong sa kulunga'y umaalpas.

6Tingnan mo ang mga langgam, ikaw na taong ubod ng tamad, pamumuhay niya'y masdan mo at nang ikaw ay mamulat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Kahit sila'y walang pinunong sa kanila'y nag-uutos, walang tagapamahala o tagamasid na sinusunod,

8ngunit nag-iimbak ng pagkain sa tag-araw, kailanga'y iniipon kung panahon ng anihan.

9Hanggang kailan, taong tamad mananatili sa higaan, kailan ka babalikwas sa iyong pagkakahimlay?

10Kaunting tulog, bahagyang idlip, sandaling pahinga at paghalukipkip,

11samantalang namamahinga ka ang kahirapa'y darating na parang armadong magnanakaw upang kunin ang lahat ng iyong kailangan.

12Taong walang kuwenta at taong masama, kasinungalingan, kanyang dala-dala.

13Ang mata ay ikikindat o kaya'y ipipikit, ikukumpas pa ang kamay upang ikaw ay maakit.

14Ngunit sa sarili ay may masamang iniisip, ang lagi niyang nais ay manggulo sa paligid.

15Dahil dito, kapahamakan niya'y biglang darating, sa sugat na tatamuhi'y hindi na nga siya gagaling.

16Ang kinamumuhian ni Yahweh ay pitong bagay, mga bagay na kanyang kinasusuklaman:

17kapalaluan, kasinungalingan, at mga pumapatay sa walang kasalanan,

18pusong sa kapwa'y walang mabuting isipan, mga paang ubod tulin sa landas ng kasamaan,

19saksing sinungaling, mapaglubid ng buhangin, pag-awayin ang kapwa, laging gusto niyang gawin.

**Babala Laban sa Pangangalunya**

20Aking anak, utos nga ng ama mo ay sundin, huwag mong tatalikuran, turo ng inang giliw.

21Sa puso mo ay iukit, at itanim mo sa isip.

22Pagkat ang aral na ito sa iyo ay patnubay, sa pagtulog mo ay bantay, sa paggawa ay alalay.

23Pagkat ang utos ay ilaw, ang turo ay tanglaw, at daan ng buhay itong mga saway.

24Ilalayo ka nito sa babaing masama, sa mapang-akit niyang salita ngunit puno ng daya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Huwag mong nanasain ang ganda niyang taglay, ni huwag paaakit sa tingin niyang mapungay.

26Babaing masama'y maaangkin sa halaga ng tinapay, ngunit bunga'y kasamaan sa buo mong pamumuhay.

27Kung ang tao ba'y magkandong ng apoy, kasuotan kaya niya'y di masusunog niyon?

28Kung ang tao ay tumapak sa uling na nagbabaga, hindi kaya malalapnos itong kanyang mga paa?

29Ganoon din ang taong sisiping sa asawa ng kapwa, tiyak siyang magdurusa pagkat ito ay masama.

30Ang sinumang magnakaw ay tiyak na nagkasala, kahit iyon ay pamawi sa gutom na taglay niya.

31Ang bayad ay makapito kung siya'y mahuli, ang lahat niyang pag-aari ay kulang pang panghalili.

32Ngunit ang nangangalunya ay isang taong mangmang, sinisira ang sarili, buhay niya at pangalan.

33Ang tangi niyang mapapala ay pahirap sa sarili, ang kanyang kahihiyan, hindi na niya mababawi.

34Sapagkat ang panibugho sa tao ay nag-uudyok, ang puri nga ay ibangon, kahit buhay ay malagot.

35Wala kang itutumbas para kamtin ang patawad, kahit gaano pa kalaki ang sa kanya ay ibayad.

## Mga Kawikaan 7

1Aking anak, salita ko sana ay ingatan, itanim sa isip at huwag kalimutan.

2Ang utos ko ay sundin mo upang mabuhay nang matagal, turo ko'y pahalagahan tulad ng iyong mga mata.

3Ito'y itali mo sa iyong mga kamay, at sikapin mong matanim sa iyong isipan.

4Ang karunungan ay ituring mo na babaing kapatid, at ang pang-unawa nama'y kaibigang matalik.

5Pagkat ito ang sa iyo'y maglalayo sa babaing mapangalunya, nang di ka mabighani ng matamis niyang pananalita.

### Ang Babaing Mapangalunya

6Ako ay dumungaw sa bintanang bukás, at ako'y sumilip sa pagitan ng rehas,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[7]ang aking nakita'y maraming kabataan, ngunit may napansin akong isang mangmang.

[8]Naglalakad siya sa may panulukan, ang tinutungo'y sa babaing tahanan.

[9]Tuwing sasapit ang gabi, ito'y kanyang ginagawa, sa lalim ng hatinggabi, kapag tulog na ang madla.

[10]Ang babae ang sa kanya'y sumalubong sa pintuan, mapang-akit, mapanlinlang sa masagwang kasuotan.

[11]Maingay ang kanyang boses, kilos niya ay maharot, di matigil sa tahanan, di mapigil sa paglibot.

[12]Ngayo'y sa lansangan, maya-maya'y sa liwasan, walang anu-ano'y sa panulukan, doon siya nag-aabang.

[13]Lalaki'y kanyang susunggaban at pupupugin ng halik, at ang kanyang sasabihing punung-puno ng pang-akit:

[14]“Nasa amin ngayon ang marami kong mga handog, katatapos ko lang tupdin ang panata ko sa Diyos.

[15]Ako ay narito upang ika'y salubungin, mabuti't nakita kita pagkatapos kong hanapin.

[16]Ang aking higaa'y sinapnan ko nang makapal, linong buhat sa Egipto, iba't iba pa ang kulay.

[17]Ito'y aking winisikan ng pabangong mira, bukod pa sa aloe at mabangong kanela.

[18]Halika at bigyang daan, damdamin ng isa't isa, ang magdamag ay ubusin sa paglasap ng ligaya.

[19]Ako ay nag-iisa, asawa ko'y nasa malayo, pagkat siya ay umalis sa ibang lugar nagtungo.

[20]Marami ang baon niyang salapi, pagbilog pa ng buwan ang kanyang uwi.”

[21]Sa salitang mapang-akit ang lalaki ay nahimok, sa matamis na salita, damdamin niya ay nahulog.

[22]Maamo siyang sumunod sa babae at pumasok, parang bakang kakatayin, sa matador ay sumunod, mailap na usa, sa patibong ay nahulog,

[23]hanggang sa puso nito ang palaso ay maglagos. Isang ibong napasok sa lambat ang kanyang nakakatulad, hindi niya namalayang buhay pala ang katumbas.

[24]Kaya nga ba, aking anak, sa akin ay makinig, at dinggin mo ang salitang mula sa aking bibig.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Huwag mo ngang hahayaang ang puso mo ay maakit, ng babaing ang tuntunin ay landasing nakalihis,

26sapagkat marami na ang kanyang naipahamak, at hindi na mabibilang, nabuwal sa kanyang yapak.

27Sa bahay niya'y nagmumula ang landas ng kasawian, tiyak na patungo sa malagim na kamatayan.

## Mga Kawikaan 8

### Papuri sa Karunungan

1Hindi mo ba naririnig ang tawag ng karunungan, at ang tinig ng unawa'y hindi pa ba napakinggan?

2Nasa dako siyang mataas, sa tagpuan ng mga landas;

3nasa mga pintuan siya, sa may harap nitong bayan, nakatindig sa pagpasok at ito ang kanyang sigaw:

4“Kayo'y tinatawagan ko, tao ng sandaigdigan, para nga sa lahat itong aking panawagan.

5Kayong walang nalalaman ay mag-aral na maingat, at kayong mga mangmang, pang-unawa ay ibukas.

6Salita ko ay pakinggan pagkat ito'y mahalaga, bumubukal sa labi ko ay salitang magaganda.

7Pawang katotohanan itong aking bibigkasin, at ako ay nasusuklam sa lahat ng sinungaling.

8Itong sasabihin ko ay pawang matuwid, lahat ay totoo, wala akong pinilipit.

9Ito ay maliwanag sa kanya na may unawa, at sa marurunong ito ay pawang tama.

10Payo ko'y pahalagahan nang higit pa sa pilak, at ang dunong, sa ginto ay huwag sanang itutumbas.

11“Pagkat akong karunungan ay mahigit pa sa hiyas, anumang kayamanan ay hindi maitutumbas.

12Ako ay nagbibigay ng talas ng kaisipan, itinuturo ko ang landas ng hinaho't karunungan.

13Ang paggalang at pagsunod kay Yahweh ay naglalayo sa kasamaan. Ako ay namumuhi sa lahat ng kalikuan, sa salitang baluktot, at sa diwang kayabangan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Mayroon akong lakas at taglay na kakayahan, ganoon din naman, unawa't
kapangyarihan.

15Dahil sa akin, ang hari'y nakapamamahala, nagagawa ng mga pinuno ang
utos na siyang tama.

16Talino ng punong-bayan ay sa akin nagmumula, at ako rin ang dahilan,
dangal nila't pagdakila.

17Mahal ko silang lahat na sa aki'y nagmamahal, kapag hinanap ako nang
masikap, tiyak na masusumpungan.

18Ang yaman at karangalan ay aking tinataglay, kayamanang walang maliw,
kasaganaan sa buhay.

19Ang bunga ko ay higit pa sa gintong dinalisay, mataas pa kaysa pilak ang
halagang tinataglay.

20Ang landas kong dinaraanan, ay daan ng katuwiran, ang aking tinatahak,
ay landas ng katarungan.

21Ang sa aki'y nagmamahal binibigyan ko ng yaman, aking pinupuno ang
kanilang mga sisidlan.

22“Sa lahat ng nilikha ni Yahweh, ako ang siyang una, noong una pang
panahon ako ay nalikha na.

23Matagal nang panahon nang anyuan niya ako, bago pa nalikha at naanyo
itong mundo.

24Wala pa ang mga dagat nang ako'y lumitaw, wala pa ang mga bukal ng
tubig na malilinaw.

25Wala pa ang mga burol, ganoon din ang mga bundok, nang ako ay isilang
dito sa sansinukob.

26Ako muna ang nilikha bago ang lupa at bukid, nauna pa sa alabok, at sa
lupang daigdig.

27Nang likhain ang mga langit, ako ay naroroon na, maging nang ang
hangganan ng langit at lupa'y italaga.

28Naroon na rin ako nang ang ulap ay ilagay, at nang kanyang palitawin ang
bukal sa kalaliman.

29Nang ilagay niya ang hangganan nitong dagat, nang ang patibayan ng
mundo ay ilagay at itatag,

30ako'y lagi niyang kasama at katulong sa gawain, ako ay ligaya niya at sa
akin siya'y aliw.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

31Ako ay nagdiwang, nang daigdig ay matapos, dahil sa sangkatauhan, ligaya ko ay nalubos.

32“At ngayon, aking anak, ako nga ay pakinggan, sundin ang payo ko't liligaya ang iyong buhay.

33Upang maging matalino, ang turo ko ay dinggin mo, huwag mong pababayaan ni lalayuan ito.

34Mapalad ang taong sa akin ay nakikinig, sa akin ay nag-aabang at palaging nakatitig.

35Pagkat ang makasumpong sa akin ay nakasumpong ng buhay, at ang kalooban ni Yahweh ay kanyang nakakamtan.

36Ngunit ang di makasumpong sa akin, sarili ang sinasaktan, ang napopoot sa akin, iniibig ay kamatayan.”

## Mga Kawikaan 9

### Ang Karunungan at ang Kahangalan

1Gumawa na ng tahanan itong karunungan, na itinayo niya sa pitong patibayan.

2Nagpatay siya ng hayop, nagtimpla ng inumin, ang mesa ay inihanda, punung-puno ng pagkain.

3Katulong ay isinugo sa gitna nitong bayan, upang lahat ay abutin ng ganitong panawagan:

4“Ang kulang sa kaalaman, dito ngayon ay lumapit.” Sa mga mangmang ay ganito ang sinambit:

5“Halikayo't inyong kainin ang pagkain ko, at tunggain ang inuming inilaan ko sa inyo.

6Lisanin ang kamangmangan upang kayo ay mabuhay, at ang landas ng unawa ang tahakin at daanan.”

7Ang pumupuna sa mapangutya ay nag-aani ng pagdusta, ang nagtutuwid sa masama'y nagkakamit ng alipusta.

8Punahin mo ang mapangutya at magagalit pa sa iyo, ngunit payuhan mo ang matalino at iibigin ka nito.

9Matalino'y turuan mo't lalo siyang tatalino, ang matuwid ay aralan, lalago ang dunong nito.

10Ang paggalang at pagsunod kay Yahweh ay pasimula ng karunungan, ang pagkilala sa Banal na Diyos ay may dulot na kaalaman.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Sa pamamagitan ko, hahaba ang iyong mga araw, dahil sa akin, lalawig ang iyong buhay.

12Kung mayroon kang karunungan, mayroon kang pakinabang, ngunit ika'y magdurusa kapag siya'y tinanggihan.

13Ang nakakatulad nitong taong mangmang, babaing magaslaw at walang kahihiyan.

14Lagi siyang naroon sa pinto ng kanyang bahay, o sa lantad na bahagi ng lansangan nitong bayan.

15Bawat taong nagdaraan na kanyang masulyapan, ay pilit na tatawagin at kanyang aanyayahan,

16“Lapit dito, kayong lahat na kulang sa kaalaman!” Kanya namang sinasabi sa mga mangmang,

17“Tubig na ninakaw ay ubod ng tamis, tinapay na nakaw, masarap na labis.”

18Hindi alam ng biktimang wakas niyo'y kamatayan, at lahat ng pumasok doo'y naroon na sa libingan.

## Mga Kawikaan 10

### Ang mga Kawikaan ni Solomon

Ang mga kawikaan ni Solomon:

1Ang matalinong anak ay ligaya ng magulang, ngunit tinik sa dibdib ang anak na mangmang.

2Ang yamang buhat sa masama ay di papakinabangan, ngunit ang katuwiran ay maglalayo sa kamatayan.

3Ang matuwid ay binibigyan ni Yahweh ng kasiyahan, ngunit ang masama'y kanyang ginugutom naman.

4Ang kamay na tamad ay tiyak na magdarahop, ngunit magbubunton ng yaman ang kamay na masinop.

5Ang nag-iimbak kung tag-araw ay nagpapakilala ng katalinuhan, ngunit ang natutulog kung anihan ay nag-iipon ng kahihiyan.

6Ang matuwid ay mag-aani ng pagpapala't kabutihan, ngunit ang bibig ng masama ay nagtatakip ng karahasan.

7Ang alaala ng matuwid, mananatili kailanman, ngunit pangalan ng masama ay tiyak na mapaparam.

8Magandang payo'y tinatanggap ng pusong may unawa, ngunit kapahamakan ang wakas ng mangmang na masalita.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Ang namumuhay nang tapat ay pinaghaharian ng kapayapaan, ngunit ang may likong landas ay malalantad balang araw.

10Ang malilikot na mata ay lagi sa kaguluhan, at ang bibig na maluwang, hahantong sa kapahamakan.

11Ang bibig ng matuwid ay bukal ng buhay, ngunit labi ng masama ay nagtatakip ng karahasan.

12Sari-saring kaguluhan ang bunga ng kapootan, ngunit ang pag-ibig ay pumapawi sa lahat ng kasalanan.

13Sa labi ng may unawa matatagpuan ang karunungan, ngunit sa likod ng isang mangmang, pamalo ang kailangan.

14Ang taong matalino'y nag-iimpok ng karunungan, ngunit ang salita ng mangmang ay nagdadala ng kapahamakan.

15Ang kayamanan ng mayama'y matibay niyang tanggulan, ngunit ang kahirapan ng yagit ay kanyang kapahamakan.

16Ang kinikita ng matuwid ay nagbibigay-buhay, ngunit ang sa masama, winawaldas sa kasamaan.

17Ang nakikinig sa payo ay nasa daan ng buhay, ngunit ang ayaw sumunod ay tungo sa pagkaligaw.

18Ang nagtatanim ng poot ay puno ng kasinungalingan, ang naninira sa kanyang kapwa ay isang taong mangmang.

19Ang taong masalita ay malapit sa pagkakasala, ngunit ang nagpipigil ng dila ay dunong ang pakilala.

20Ang dila ng matuwid ay tulad ng pilak na mahalaga, ngunit ang puso ng mangmang ay basura ang kagaya.

21Ang labi ng matuwid sa marami ay pakinabang, ngunit ang mangmang ay namamatay nang walang karunungan.

22Ang pagpapala ni Yahweh ay kayamanan, na walang kasamang kabalisahan.

23Ang paggawa ng kasalanan ay kasiyahan ng masama, ngunit ang mabuting asal, kasiyahan ng may unawa.

24Ang kinatatakutan ng masama ay magaganap sa kanya, ngunit ang hangarin ng matuwid ay matatamo niya.

25Tinatangay ng hangin ang taong masama, ngunit ang matuwid ay gusaling di magiba.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Kung paanong ang usok ay nakakaluha, ang suka ay nakakangilo, gayon ang tamad na alipin, sa kanilang mga amo.

27Ang paggalang at pagsunod kay Yahweh ay nagpapahaba ng buhay, ngunit ang mga araw ng masama ay di magtatagal.

28Ang pag-asa ng matuwid ay may magandang kahinatnan, ngunit ang pag-asa ng masama, ang dulot ay kabiguan.

29Si Yahweh ay kanlungan ng mga taong matuwid, ngunit kaaway sila ng taong masama ang hilig.

30Ang matuwid ay mananatili sa kanyang dako, ngunit ang masama, kung saan-saan matutungo.

31Ang salita ng matuwid ay nagpapakilala ng karunungan, ngunit ang dilang sinungaling ay puputulin naman.

32Ang salita ng matuwid ay palaging angkop, ngunit ang salita ng masama ay puro paninira.

## Mga Kawikaan 11

1Kasuklam-suklam kay Yahweh ang timbangang may daya, ngunit kasiyahan naman ang timbangang tama.

2Kahihiyan ang laging dulot ng kapalaluan, ngunit pagpapakumbaba'y nagbubunga ng karunungan.

3Ang tuntunin ng matuwid ay katapatan, ngunit ang masama'y wawasakin ng kanyang kataksilan.

4Walang halaga ang yaman sa araw ng kamatayan, ngunit ang katuwiran ay naglalayo sa kapahamakan.

5Mas panatag ang landas ng tapat ang pamumuhay, ngunit nabubuwal ang masama sa sariling kabuktutan.

6Ang katuwiran ng mga matuwid ang nagliligtas sa kanya, ngunit ang masama ay bilanggo ng kanyang masamang nasa.

7Ang pag-asa ng masama ay kasama niyang pumapanaw, ang umasa sa kayamanan ay mawawalang kabuluhan.

8Ang matuwid ay inilalayo sa bagabag, ngunit ang masama ay doon bumabagsak.

9Ang labi ng walang Diyos, sa iba ay mapanira, ngunit ang dunong ng matuwid ay nagliligtas ng kapwa.

10Kapag ang matuwid ay pinagpapala, ang bayan ay nagagalak, ngunit higit ang katuwaan kapag ang masama'y napapahamak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Dahil sa salita ng matuwid ang bayan ay tumatatag, ngunit sa kasinungalingan ng masama ang lunsod ay nawawasak.

12Ang kapos sa kaalaman ay humahamak sa kapwa, ngunit laging tahimik ang taong may unawa.

13Walang maitatago sa bibig ng madaldal, ngunit ang tunay na kaibigan, iyong mapagkakatiwalaan.

14Sa kakulangan ng tuntunin, ang bansa ay bumabagsak, ngunit sa payo ng nakararami, tagumpay ay tiyak.

15Ang nananagot para sa iba, sa gusot ay nasasadlak, ngunit ang ayaw gumarantiya ay malayo sa bagabag.

16Ang babaing mahinhin ay nag-aani ng karangalan, ngunit ang walang dangal, tambakan ng kahihiyan. Lagi sa kahirapan ang taong tamad, ngunit masagana ang buhay ng isang masipag.

17Ang taong mabait ay nag-iimpok ng kabutihan, ngunit winawasak ng marahas ang sarili niyang buhay.

18Anuman ang anihin ng masama ay walang kabuluhan, ngunit ang gawang mabuti ay may pagpapalang taglay.

19Ang taong nasa matuwid ay makasusumpong ng buhay, ngunit ang landas ng masama ay patungo sa kamatayan.

20Ang kaisipang masama kay Yahweh ay kasuklam-suklam, ngunit ang lakad ng matuwid, kay Yahweh ay kasiyahan.

21Ang taong masama'y di makakaligtas sa kaparusahan, ngunit hindi maaano ang nabubuhay sa katuwiran.

22Ang magandang babae ngunit mangmang naman, ay tila gintong singsing sa nguso ng baboy.

23Anumang nais ng matuwid ay nagbubunga ng kabutihan, ngunit ang mahihintay lang ng masama ay kaparusahan.

24Ang taong mapagbigay ay lalong yumayaman, ngunit naghihirap ang tikom na mga kamay.

25Ang taong matulungin, sasagana ang pamumuhay, at ang marunong tumulong ay tiyak na tutulungan.

26Sinusumpa ng lahat ang nagkakait ng butil, ngunit pinupuri ang nagbibigay ng pagkain.

27Kung mabuti ang hangarin, ikaw ay igagalang, kapag humanap ng gulo, iyon ay masusumpungan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

28Malalantang tila dahon ang nagtitiwala sa kanyang yaman, ngunit ang matuwid ay giginhawa, tulad ng sariwang halaman.

29Ang nagpupunla ng gulo sa sariling sambahayan, mag-aani ng problema, gugulo ang pamumuhay. Ang taong mangmang at walang nalalaman, ay alipin ng matalino habang siya'y nabubuhay.

30Buhay ang dulot ng matuwid na pamumuhay, at kamatayan naman ang hatid ng karahasan.

31Ang matuwid ay ginagantimpalaan dito sa lupa, ngunit paparusahan naman ang mga makasalanan at masasama!

## Mga Kawikaan 12

1Ang taong may unawa ay tumatanggap ng payo, ngunit ayaw mapaalalahanan ang matigas ang ulo.

2Si Yahweh ay nalulugod sa taong matuwid, ngunit sa masasama siya ay nagagalit.

3Ang makasalanan ay hindi mapapanatag, ngunit ang matuwid ay hindi matitinag.

4Ang mabuting babae ay karangalan ng asawa, ngunit kanser sa buto ang masamang asawa.

5Ang taong matuwid ay mabuting makiharap, ngunit ang masama ay bihira lang magtapat.

6Pumapatay nang lihim ang mga pangungusap ng masama, ngunit ang salita ng matuwid ay nagliligtas sa kapwa.

7Ang masama ay lubusang mapaparam at di na magbabalik, ngunit ang sambahayan ng matuwid, mananatiling nakatindig.

8Ang taong matalino'y magkakamit ng karangalan, ngunit ang aanihin ng masama ay pagkutya lang.

9Ang maralitang nagsisikap ay mabuting di hamak, kaysa nagkukunwang mayaman ngunit sa gutom nakasadlak.

10Kahit sa kanyang mga hayop ang matuwid ay mabait, ngunit ang masama kahit kanino ay sadyang mabagsik.

11Ang taong masipag ay sagana sa lahat, ngunit ang isang hangal, sa yaman ay salat.

12Ang nais ng masama ay puro kasamaan, ngunit ang tuntungan ng matuwid ay hindi magmamaliw.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Ang masama ay nahuhuli sa salita ng kanyang bibig, ngunit ang matuwid ay malayo sa ligalig.

14Ang kakamtin ng tao ay batay sa gawa o salita, bawat isa ay tatanggap ng karampatang gantimpala.

15Ang akala ng mangmang ay siya lamang ang tama, ngunit handang tumanggap ng payo ang taong may unawa.

16Ang pagkainis ng mangmang kaagad nahahalata, ngunit ang mga matatalino, di pansin ang pagkutya.

17Sa pagsasabi ng tapat, lumilitaw ang katarungan, ngunit ang pagsisinungaling ay lumilikha ng kapahamakan.

18Ang matalas na pananalita ay sumusugat ng damdamin, ngunit sa magandang pananalita, sakit ng loob ay gumagaling.

19Ang tapat na labi ay mananatili kailanman, ngunit ang dilang sinungaling ay hindi magtatagal.

20Ang nagbabalak ng masama ay mag-aani ng kapahamakan, ngunit ang nag-iisip ng mabuti'y magtatamo ng kagalakan.

21Ang kasamaang-palad ay malayo sa matuwid, ngunit ang buhay ng masama ay puno ng ligalig.

22Namumuhi si Yahweh sa taong sinungaling, ngunit ang tapat ay ligaya niya at aliw.

23Hindi agad sinasabi ang alam ng matalino, ngunit kahangalan ay inihahayag ng mangmang na tao.

24Balang araw ang masikap ang mamamahala, ngunit ang tamad ay mananatiling alila.

25Nagpapahina sa loob ng isang tao ang kabalisahan, ngunit ang magandang balita'y may dulot na kasiglahan.

26Ang payo ng kaibigang matuwid ay isang gabay, ngunit ang daan ng masama ay tungo sa pagkaligaw.

27Hindi makakamit ng tamad ang kanyang hinahangad, ngunit ang masikap ay laging may magandang hinaharap.

28Ang matuwid na landas ay patungo sa buhay, ngunit ang maling daan ay hahantong sa kamatayan.

## Mga Kawikaan 13

1Ang anak na may unawa'y nakikinig sa kanyang ama, ngunit walang halaga sa palalo ang paalala sa kanya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Natatamo ng mabuti ang bunga ng kanyang kabaitan, ngunit ang ninanasa ng masama ay puro karahasan.

3Ang maingat magsalita ay nag-iingat ng kanyang buhay, ngunit ang taong madaldal ay nasasadlak sa kapahamakan.

4Ang tamad ay nangangarap ngunit hindi natutupad, ang hangarin ng masikap ay laging nagaganap.

5Ang taong matuwid ay namumuhi sa kasinungalingan, ngunit ang salita ng masama ay nakakahiyang pakinggan.

6Ang mabuti'y iniingatan ng kanyang katuwiran, ngunit ang masama'y ipinapahamak ng likong pamumuhay.

7May taong nagkukunwang mayaman subalit wala naman, ngunit ang iba'y nag-aayos mahirap bagaman sila ay mayaman.

8Ang yaman ng isang tao ay pantubos sa kanyang buhay, ngunit sa isang mahirap ito ay hindi nakababahala.

9Ang matuwid ay tulad ng maningning na ilaw, ngunit ang masama ay lamparang namamatay.

10Ang kapalaluan ay nagbubunga ng kaguluhan, ngunit ang pakikinig sa payo'y nagbabadya ng karunungan.

11Ang kayamanang tinamo sa daya ay madaling nawawala, ngunit ang kayamanang pinaghirapan ay pinagpapala.

12Ang matagal na paghihintay ay nagpapahina ng kalooban, ngunit ang pangarap na natupad ay may dulot na kasiyahan.

13Ang nagwawalang-bahala sa payo ay hahantong sa sariling kapahamakan, ngunit ang nagpapahalaga sa utos ay gagantimpalaan.

14Ang mga turo ng matalino ay bukal ng buhay, ito ay maglalayo sa bitag ng kamatayan.

15Ang katalinuhan ay umaani ng paggalang, ngunit ang kataksilan ay naghahatid sa kapahamakan.

16Ang katalinuhan ng isang tao'y nakikita sa kanyang gawa, sa kilos ay nakikilala ang taong walang unawa.

17Ang masamang tagapagbalita ay lumilikha ng kaguluhan, ngunit ang mabuting tagapamagitan ay lumulutas ng alitan.

18Kahihiyan ang kasasadlakan ng hindi nakikinig sa saway, ngunit ang tumatanggap ng payo ay mag-aani ng karangalan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Ang pangarap na natupad ay may dulot na ligaya, ngunit ayaw iwan ng masama ang kasamaan niya.

20Ang nakikisama sa may unawa ay magiging matalino, ngunit ang kasama ng mangmang ay masusuong sa gulo.

21Ang hinaharap ng masama ay kahirapan sa buhay, ngunit sagana ang pagpapalang sa matuwid ay naghihintay.

22Ang matuwid ay nag-iiwan ng pamana hanggang sa kaapu-apuhan, at sa matuwid nauuwi ang naipon ng isang makasalanan.

23Ang bukid ng mahihirap, may pangakong kasaganaan, ngunit ito'y nasasayang dahil sa kawalan ng katarungan.

24Mapagmahal na magulang, anak ay dinidisiplina, anak na di napapalo, hindi mahal ng magulang.

25Ang matuwid ay sagana sa lahat ng kailangan, ngunit ang masama ay palagi namang nagkukulang.

## Mga Kawikaan 14

1Ang matalinong babae ay nagtatatag ng kanyang bahay, ngunit winawasak ng isang mangmang ang sariling tahanan.

2Ang gumagalang at sumusunod kay Yahweh ay lumalakad sa katuwiran, ngunit ang nagwawalang-bahala sa kanya ay nasa likong daan.

3Ang bawat salita ng mangmang ay may katumbas na parusa, kaya ang matalino'y nag-iingat sa mga salita niya.

4Kung saan walang baka, ang kamalig ay walang laman, datapwat sa maraming baka, sagana ang anihan.

5Ang tapat na saksi'y hindi magsisinungaling, ngunit pawang kabulaanan ang sa saksing sinungaling.

6Ang mangmang ay nag-aaral pero hindi matuto, ngunit madaling maturuan ang taong may talino.

7Iwasan mong makisama sa mga taong mangmang, pagkat sa kanila ay wala kang mapupulot na kaalaman.

8Nalalaman ng matalino ang kanyang ginagawa, ngunit ang mangmang ay inaakay ng mali niyang unawa.

9Kinukutya ng mga hangal ang handog na pambayad sa kasalanan, ngunit nalalasap ng matuwid ang mabuting kalooban.

10Walang makikihati sa kabiguan ng tao, gayon din naman sa ligayang nadarama nito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[11]Ang bahay ng masama ay sadyang mawawasak, ngunit ang tolda ng matuwid ay hindi babagsak.

[12]May daang matuwid sa tingin ng tao, ngunit kamatayan ang dulo nito.

[13]Sa gitna ng ligaya maaaring dumating ang kalungkutan, ngunit ang kaligayaha'y maaaring magwakas sa panambitan.

[14]Pagbabayaran ng tao ang liko niyang pamumuhay, ngunit ang gawa ng matuwid ay gagantimpalaan.

[15]Pinaniniwalaan ng mangmang ang lahat niyang mapakinggan, ngunit sinisiyasat ng may unawa ang kanyang pupuntahan.

[16]Ang taong may unawa ay lumalayo sa kasamaan, ngunit ang mangmang ay napapahamak dahil sa kapabayaan.

[17]Ang taong mainit ang ulo ay nakagagawa ng di marapat, ngunit ang mahinahon ay lagi nang nag-iingat.

[18]Ang taong hangal ay nag-aani ng kamangmangan, ngunit ang matalino'y nagkakamit ng karunungan.

[19]Ang makasalanan ay gumagalang sa mabuting tao, at makikiusap na siya'y tulungan nito.

[20]Ang taong mahirap kadalasa'y tinatalikuran, ngunit ang mayaman ay maraming kaibigan.

[21]Ang humahamak sa kapwa ay gumagawa ng masama, ngunit ang matulungin, ligaya ang tinatamasa.

[22]Ang gumagawa ng masama ay mapapahamak, ngunit ang nag-iisip ng mabuti'y pagkakatiwalaan at igagalang.

[23]Ang bawat pagsisikap ay may pakinabang, ngunit ang puro salita, ang bunga ay kahirapan.

[24]Ang putong ng matalino ay ang kanyang karunungan, ang kuwintas ng mangmang ay ang kanyang kahangalan.

[25]Ang tapat na saksi ay nagliligtas ng buhay, ngunit ang salita ng sinungaling ay pawang kataksilan.

[26]Ang paggalang at pagsunod kay Yahweh, dulot ay kapayapaan, may hatid na katatagan sa buong sambahayan.

[27]Ang paggalang at pagsunod kay Yahweh ay bukal ng buhay, at ang taong mayroon nito'y malayo sa bitag ng kamatayan.

[28]Ang karangalan ng hari ay nasa dami ng nasasakupan, ngunit walang kabuluhan ang pinunong walang tauhan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29Ang hinahon ay nagpapakilala ng kaunawaan, ngunit ang madaling pagkagalit ay tanda ng kamangmangan.

30Ang isip na tiwasay ay nagpapahaba ng buhay, ngunit ang kapusukan ay nagbibigay ng kapahamakan.

31Ang umaapi sa mahirap ay humahamak sa Maykapal, ngunit ang matulungi'y nagdudulot ng karangalan.

32Ang masama ay ibinabagsak ng sariling kasamaan, ngunit ang kanlungan ng matuwid ay ang kanyang kabutihan.

33Sa isip ng may unawa ang nananahan ay karunungan, ngunit ang mangmang ay walang kaalaman.

34Ang katuwiran ay nagpapadakila sa isang bayan, ngunit ang kasalanan naman ay nagdudulot ng kahihiyan.

35Sa matalinong alipin, ang amo ay nalulugod, ngunit sa utusang walang isip siya ay napopoot.

## Mga Kawikaan 15

1Ang malumanay na sagot, nakapapawi ng galit, ngunit sa tugong marahas, poot ay hindi mawawaglit.

2Ang dila ng may unawa ay nagbubunga ng kaalaman, ngunit ang bibig ng mangmang ay bukal ng kahangalan.

3Ang paningin ni Yahweh ay nakatuon sa lahat ng lugar, ang masama at mabuti ay pawang minamasdan.

4Ang magiliw na salita ay nagpapasigla sa buhay, ngunit ang matalas na pangungusap ay masakit sa kalooban.

5Di pansin ng mangmang ang turo ng kanyang ama, ngunit dinirinig ng may isip ang paalala sa kanya.

6Ang tahanan ng matuwid ay puno ng kayamanan, ngunit ang masama'y nagkukulang sa lahat ng kailangan.

7Ang labi ng may unawa ay nagkakalat ng karunungan, ngunit hindi ganoon ang hangad ng isang mangmang.

8Kasuklam-suklam kay Yahweh ang handog ng masama, ngunit sa panalangin ng matuwid siya ay natutuwa.

9Sa gawaing masama, si Yahweh ay namumuhi, ngunit kanyang minamahal ang sa katuwiran lumalagi.

10Ang gumawa ng masama ay tatanggap ng parusa, at tiyak na mamamatay ang ayaw ng paalala.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Kung paanong ang daigdig ng mga patay ay hayag kay Yahweh, ang laman ng puso sa kanya'y di maikukubli.

12Ayaw mapagsasabihan ang mga palalo, at sa matatalino'y di hihingi ng payo.

13Ang taong masayahin ay laging nakangiti, ngunit ang may lumbay ay wari bang nakangiwi.

14Ang taong may unawa ay naghahangad pa ng karunungan, ngunit ang mangmang ay nasisiyahan na sa kanyang kahangalan.

15Lahat ng araw ng mahirap ay puno ng pakikipagbaka, ngunit ang masayahin, saganang piging ang kagaya.

16Ang mahirap na gumagalang at sumusunod kay Yahweh, ay mas mainam kaysa mayamang panay hirap naman ang kalooban.

17Mas masarap ang isang plato ng gulay na inihaing may pag-ibig kaysa isang matabang baka na inihaing may galit.

18Ang mainit na ulo ay humahantong sa alitan, ngunit pumapayapa sa kaguluhan ang mahinahong isipan.

19Ang landas ng batugan ay punung-puno ng tinik, ngunit patag na lansangan ang daan ng matuwid.

20Ang anak na may unawa ay kaligayahan ng isang ama, ngunit ang isang mangmang ay kahihiyan ng kanyang ina.

21Ang mga walang isip ay natutuwa sa mga bagay na kahangalan, ngunit lumalakad nang matuwid ang taong may kaalaman.

22Ang isang balak na mabilis ay di papakinabangan, ngunit ang planong pinag-aralan ay magtatagumpay.

23Ang matalinong pananalita ay nagdudulot ng kasiyahan, at ang salitang angkop sa pagkakataon, may dulot na pakinabang.

24Sa mga marunong, ang daan ng buhay ay pataas, upang maiwasan ang daigdig ng mga patay.

25Wawasakin ni Yahweh ang bahay ng hambog, ngunit ang tahanan ng isang biyuda ay iingatan ng Diyos.

26Kasuklam-suklam kay Yahweh ang iniisip ng masama, ngunit kasiyahan niya ang pangungusap ng may malinis na diwa.

27Ang gahaman sa salapi ay nauuwi sa kaguluhan, ngunit ang tumatanggi sa suhol ay mabubuhay nang matagal.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

28Tinitimbang ng matuwid kung ano ang sasabihin, ngunit di na iniisip ng masama ang kanyang sasalitain.

29Pinapakinggan ni Yahweh ang daing ng matuwid, ngunit ang panawagan ng masama ay hindi dinirinig.

30Ang masayang ngiti sa puso ay kasiyahan, at ang mabuting balita ay may dulot na kalusugan.

31Ang marunong makinig sa paalala ay mayroong unawa at mabuting pasya.

32Ipinapahamak ang sarili ng ayaw makinig sa pangaral, ngunit ang nagpapahalaga sa paalala ay nagdaragdag ng kaalaman.

33Ang paggalang at pagsunod kay Yahweh ay nagtuturo ng karunungan, at ang pagpapakumbaba ay nagbubunga ng karangalan.

## Mga Kawikaan 16

**Mga Kawikaan tungkol sa Buhay at Pag-uugali**

1Ang mga balak ng isipan ay sa tao nagmumula, ngunit mula kay Yahweh ang sagot ng dila.

2Ang akala ng tao ay tama ang kanyang kilos, ngunit sa tunay niyang layon, si Yahweh ang nakatatalos.

3Ipagkatiwala mo kay Yahweh ang iyong mga gagawin, at magtatagumpay ka sa lahat ng iyong mga layunin.

4Lahat ng nilalang ni Yahweh ay mayroong kadahilanan, at ang masasama, kaparusahan ang kahihinatnan.

5Kinamumuhian ni Yahweh ang lahat ng mayayabang, at sila'y tiyak na paparusahan.

6Katapatan kay Yahweh, bunga ay kapatawaran, ang sa kanya'y gumagalang at sumusunod, malayo sa kasamaan.

7Kung ang buhay ng tao ay kalugud-lugod kay Yahweh, maging ang mga kalaban, sa kanya'y makikipagbati.

8Ang maliit na halaga buhat sa mabuting paraan ay higit na mabuti sa yamang buhat sa kasamaan.

9Ang tao ang nagbabalak, ngunit si Yahweh ang nagpapatupad.

10Ang bibig ng hari ay bukal ng mga pasyang kinasihan, hindi siya namamali sa lahat niyang kahatulan.

11Ang nais ni Yahweh ay tamang timbangan, at sa negosyo ay katapatan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Di dapat tulutan ng isang hari ang gawang kasamaan, pagkat ang katatagan ng pamamahala ay nasa katarungan.

13Ang nais pakinggan ng hari ay ang katotohanan, at ang nagsasabi nito ay kanyang kinalulugdan.

14Sinisikap ng matalino na masiyahan ang kanyang hari; kapag nagalit ang hari, may buhay na masasawi.

15Ang kagandahang-loob ng hari ay parang ulap na makapal, may dalang ulan, may taglay na buhay.

16Higit na mainam sa ginto ang magkaroon ng karunungan, at higit kaysa pilak ang magtaglay ng pang-unawa.

17Ang landas ng matuwid ay palayo sa kasamaan; ang maingat sa paglakad ay nag-iingat sa kanyang buhay.

18Ang kapalalua'y humahantong sa pagkawasak, at ang mapagmataas na isipan ay ibabagsak.

19Higit na mabuti ang mapagpakumbaba kahit na mahirap, kaysa makihati sa yaman ng mapagmataas.

20Ang sumusunod sa payo ay mananagana, at mapalad ang taong kay Yahweh ay nagtitiwala.

21Ang matalinong tao ay nakikilala sa kanyang pang-unawa, ang matamis niyang pangungusap ay panghikayat sa iba.

22Ang karunungan ay bukal ng buhay para sa matalino, ngunit mahirap maturuan ang mangmang na tao.

23Iniisip ng matalino ang kanyang sasabihin, kaya naman ang kausap ay madali niyang akitin.

24Kaaya-ayang salita ay parang pulot-pukyutan, matamis sa panlasa, pampalusog ng katawan.

25May daang matuwid sa tingin ng tao, ngunit kamatayan ang dulo nito.

26Dahil sa pagkain ang tao'y nagsisikap; upang ang gutom ay bigyan ng lunas.

27Ang laman ng isip ng tampalasan ay puro kasamaan, ang kanyang mga labi ay parang nakakapasong apoy.

28Ang taong baluktot ang isipan ay naghahasik ng kaguluhan, at sinisira naman ng tsismis ang magandang samahan.

29Tinutukso ng taong liko ang kanyang kapwa, at ibinubuyo sa landas na masama.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Mag-ingat ka sa taong pangiti-ngiti at kikindat-kindat; pagkat tiyak na mayroon siyang masamang binabalak.

31Ang mga uban ay putong ng karangalan, ito ay natamo sa matuwid na pamumuhay.

32Higit na mabuti ang tiyaga kaysa kapangyarihan, at ang pagsupil sa sarili kaysa pagsakop sa mga bayan.

33Isinasagawa ng tao ang palabunutan, ngunit si Yahweh lang ang huling kapasyahan.

## Mga Kawikaan 17

1Kahit tinapay ang kinakain ngunit may kapayapaan, mabuting di hamak kaysa malaki ngunit magulong handaan.

2Ang tusong alipin ay makakahati pa sa mamanahin, ng anak ng kanyang amo kung ito'y inutil.

3Dinadalisay sa apoy ang ginto at pilak, ngunit sa puso ng tao'y si Yahweh ang sumisiyasat.

4Ang taong masama ay nakikinig sa payo ng masama, at ang sinungaling ay sumusunod sa baluktot na dila.

5Ang nanlalait sa mahirap ay humahamak sa Maykapal, at ang nagagalak sa kapahamakan ng iba'y mayroon ding pananagutan.

6Ang mga apo ay putong ng katandaan; ang karangalan ng mga anak ay ang kanilang magulang.

7Ang pinong pananalita ay di mahahanap sa mangmang, ni ang kasinungalingan sa taong marangal.

8Sa paniwala ng iba ang suhol ay parang salamangka; kaya lahat ay makukuha kung may pansuhol ka.

9Ang pagpapatawad sa kapwa ay nagpapasarap sa samahan, ngunit ang pagkakalat ng kahinaan ay sumisira ng pagkakaibigan.

10Ang matalino'y natututo sa isang salita ngunit ang mangmang ay hindi, hampasin mang walang awa.

11Ang nais ng masama'y paghihimagsik, kaya ipadadala sa kanya'y isang sugong malupit.

12Mabuti pang harapin ang inahing osong inagawan ng anak kaysa kausapin ang isang mangmang na lublob sa kahangalan.

13Kapag masama ang iginanti sa mabuting ginawa, ang kapahamakan sa buhay ay di mawawala.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Ang simula ng kaguluha'y parang butas sa isang dike; na dapat ay sarhan bago ito lumaki.

15Ang humahatol sa walang kasalanan at ang umaayon sa kasamaan, kay Yahweh ay kapwa kasuklam-suklam.

16Walang katuturan ang gumugol para sa pag-aaral, ng isang taong pumili na siya'y maging mangmang.

17Ang kaibigan ay nagmamahal sa lahat ng panahon, at sa oras ng kagipita'y kapatid na tumutulong.

18Ang mangangakong magbayad para sa utang ng iba, kamangmangang maituturing ang kanyang ginagawa.

19Ang umiibig sa kaguluhan ay umiibig sa kasalanan; at ang mayayabang ay naghahanap ng kapahamakan.

20Ang masamang isipan ay hindi uunlad, ang sinungaling ay aabot sa kasawiang-palad.

21Ang mga magulang ng anak na mangmang, sakit sa damdamin ang nararanasan.

22Ang pagkamasayahin ay mabuti sa katawan, at ang malungkuti'y unti-unting namamatay.

23Ang katarungan ay hindi nakakamtan, kung itong masama, suhol ay patulan.

24Karunungan ang pangarap ng taong may unawa, ngunit ang isip ng mangmang ay pagala-gala.

25Ang hangal na anak ay problema ng kanyang ama at pabigat sa damdamin ng kanyang ina.

26Ang pagpaparusa sa matuwid ay hindi makatuwiran, maging ang pagpapahirap sa taong buhay marangal.

27Nagtataglay ng kaalaman ang maingat magsalita, ang mahinahon ay taong may pagkaunawa.

28Ang mangmang na hindi madaldal ay iisiping marunong; kung hindi siya masalita at ang bibig ay laging tikom.

## Mga Kawikaan 18

1Ang taong makasarili ay humihiwalay sa karamihan, at salungat sa lahat ng tamang isipan.

2Walang saysay sa mangmang ang lahat ng bagay, ang nais lang niya'y ipakitang siya'y may alam.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[3]Pagsipot ng kasamaan, kasunod ay kahihiyan; kapag nawala ang karangalan, kapalit ay kadustaan.

[4]Ang wika ng tao ay bukal ng karunungan, parang dagat na malalim at malamig na batisan.

[5]Ang pagkiling sa may sala ay isang kamalian; gayundin naman kung ipagkakait ang katarungan.

[6]Ang labi ng mangmang, bunga ay alitan, at ang kanyang bibig, hatid ay kaguluhan.

[7]Kanyang bibig, maghahatid sa sariling kasiraan; kanyang labi nama'y isang bitag na kahuhulugan.

[8]Ang tsismis ay masarap pakinggan, gustung-gusto ng lahat na pag-uusapan.

[9]Ang taong batugan ay sinsama ng taong mapanira.

[10]Ang pangalan ni Yahweh ay matibay na tanggulan, kanlungan ng matuwid mula sa kapahamakan.

[11]Ang ari-arian ng isang mayaman ay kanyang kanlungan, akala niya'y maililigtas siya nito sa oras ng kapahamakan.

[12]Ang pagmamataas ay nagbubunga ng kapahamakan, ngunit ang pagpapakumbaba, ay karangalan.

[13]Nakakahiya at isang mangmang ang isang taong sumasagot sa tanong na hindi naman niya nalalaman.

[14]Ang matatag na kalooban ay mabuti sa tao, ngunit kung mahina ang loob, anong mangyayari rito?

[15]Ang matalino ay nagdaragdag ng kaalaman, ang may unawa'y namumulot pa ng karunungan.

[16]Kung nais mapalapit sa maykapangyarihan, magdala ng regalo, sa kanya ay ibigay.

[17]Ang unang pahayag ay inaakalang tama, hangga't hindi naririnig, tanong ng kabila.

[18]Ang sigalot ay maaaring malutas sa palabunutan, at mapagkasundo ang mahigpit na magkaaway.

[19]Ang kaibigang nasaktan ay higit pa sa lunsod na napapaderan, ang di pagkakaunawaan ay mas matibay pa kaysa isang tarangkahan.

[20]Anumang sabihin ng tao ay kanyang pananagutan, ayon sa kanyang salita siya'y gagantimpalaan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Ang buhay at kamatayan ay sa dila nakasalalay, makikinabang ng bunga nito ang dito ay nagmamahal.

22Ang mabuting maybahay ay isang kayamanan; siya'y pagpapala na si Yahweh lang ang may bigay.

23Ang mahirap ay lumalapit sa diwa ng pakiusap, ngunit ang sagot ng mayama'y salitang mararahas.

24May pagkakaibigang madaling lumamig, ngunit may kaibigang higit pa sa kapatid.

## Mga Kawikaan 19

1Mas mabuti ang mahirap na marangal ang pamumuhay, kaysa taong masalita ngunit walang nalalaman.

2Masugid man kung mangmang, walang mapapakinabang; ang kawalan ng tiyaga'y magbubulid sa kaguluhan.

3Ipinapahamak ng mangmang ang kanyang sarili, pagkatapos si Yahweh ang kanyang sinisisi.

4Ang kayamana'y umaakit ng maraming kaibigan, ngunit ang mahirap ay tinatalikuran ng dating kasamahan.

5Ang bulaang saksi ay tiyak na mapaparusahan, at ang sinungaling ay wala ring tatakbuhan.

6Marami ang lumalapit sa taong mabait, at sa taong bukas-palad, lahat ay malapit.

7Kung ang mahirap ay tinatalikuran ng mismong kapatid, wala na itong magiging kaibigan, kaninuman lumapit.

8Ang nagsisikap matuto, sa sarili ay nagmamahal, ang nagpapahalaga sa karunungan ay magtatagumpay.

9Ang bulaang saksi ay tiyak na mapaparusahan, at ang sinungaling ay wala ring tatakbuhan.

10Ang masaganang pamumuhay ay di angkop sa isang mangmang; gayon din ang alipin, di dapat mamuno sa mga dugong bughaw.

11Ang kahinahunan ay nagpapakilala ng katalinuhan, ang pagpapatawad sa masamang ginawa sa kanya ay kanyang karangalan.

12Ang poot ng hari ay parang leong umuungal, ngunit ang kanyang paglingap ay parang hamog sa halaman.

13Ang anak na hangal ay kasawiang-palad ng kanyang ama, at tila ulang walang tigil ang bibig ng madaldal na asawa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Namamana sa magulang ang bahay at kayamanan, ngunit si Yahweh lang ang nagbibigay ng mabuting maybahay.

15Ang taong tamad ay laging nakatihaya; kaya't siya'y magugutom, walang panlagay sa sikmura.

16Ang tumutupad sa kautusan ay nag-iingat ng kanyang buhay, at ang nagwawalang-bahala sa utos ay tiyak na mamamatay.

17Parang pagpapautang kay Yahweh ang pagtulong sa mahirap, at pagdating ng panahon, si Yahweh ang magbabayad.

18Ituwid mo ang iyong anak habang may pagkakataon pa, kung hindi'y ikaw na rin ang nagtulak sa pagkawasak niya.

19Di dapat pansinin ang taong mainit ang ulo, mapayuhan mo mang minsan, patuloy ding manggugulo.

20Dinggin mo at sundin ang payo sa iyo, at pagdating ng araw, pakikinabangan mo.

21Ang isang tao'y maraming iniisip, maraming binabalak, ngunit ang kalooban din ni Yahweh ang siyang mananaig.

22Kaibig-ibig sa isang tao ang kanyang katapatan, higit na mainam ang mahirap kaysa isang bulaan.

23Ang paggalang at pagsunod kay Yahweh ay nagbibigay ng buhay, ang gumawa nito'y makakaranas ng kapayapaan, at ligtas sa kapahamakan.

24Ang kamay ng batugan ay nadidikit sa pinggan, hindi halos makasubo dahil sa katamaran.

25Parusahan mo ang mapanuya, matututo pati mangmang, pagsabihan mo ang may unawa, lalawak ang kanyang kaalaman.

26Ang anak na suwail sa magulang ay anak na masama at walang kahihiyan.

27Ang anak na ayaw makinig sa pangaral ay tumatalikod sa turo ng kaalaman.

28Ang saksing sinungaling ay sumisira sa takbo ng katarungan, ang bibig ng liko ay nagbubunga ng kasamaan.

29May hatol na nakalaan para sa mga mapanuya, at sa mga mangmang ay may hagupit na nakahanda.

## Mga Kawikaan 20

1Ang alak ay nagpapababa sa dangal ng isang tao, kaya isang kamangmangan ang magpakalulong dito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Ang poot ng hari ay parang leong umuungal, ang gumalit sa kanya'y nanganganib ang buhay.

3Ang marangal na tao'y umiiwas sa kaguluhan, ngunit ang gusto ng mangmang ay laging pag-aaway.

4Ang taong tamad sa panahon ng taniman ay walang magagapas pagdating ng anihan.

5Tulad ng tubig na malalim ang isipan ng isang tao, ngunit ito'y matatarok ng isang matalino.

6Sinasabi ng bawat isa na siya ay tapat, ngunit kahit kanino sa kanila'y hindi ka nakakatiyak.

7Kung ang isang ama'y namumuhay sa katuwiran, mapalad ang mga anak na siya ang tinutularan.

8Sa pagluklok ng hari upang igawad ang kahatulan, walang matatagong anumang kasamaan.

9Sino ang makakapagsabi na ang puso niya'y malinis at di namuhay sa kasamaan kahit isang saglit?

10Ang mandarayang timbangan at mandarayang sukatan, kay Yahweh ay parehong kasuklam-suklam.

11Kahit ang bata ay makikilala sa kanyang mga gawa; makikita sa kanyang kilos kung siya ay tapat nga.

12Ang taingang nakakarinig at matang nakakakita, parehong si Yahweh ang siyang maylikha.

13Matulog ka nang matulog at ika'y maghihirap, ngunit maganda ang iyong bukas kung ika'y magsisikap.

14Ang sabi ng mamimili, “Ang presyo mo'y ubod taas.” Ngunit pagtalikod ay ipinamamalitang nakabarat.

15Ang taong nakakaalam ng kanyang sinasabi, daig pa ang may ginto at alahas na marami.

16Ang sinumang nananagot sa utang ng iba, dapat kunan ng ari-arian bilang garantiya.

17Anumang nakuha sa pandaraya ay parang masarap na pagkain, ngunit kapag tumagal ay para kang kumain ng buhangin.

18Ang mabuting payo ay kailangan para magtagumpay; kung hindi ka handa huwag nang pumalaot sa labanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Ang lihim ay nahahayag dahil sa mga tsismis, kaya huwag kang makisama sa taong makati ang dila.

20Sinumang magmura sa kanyang magulang, parang ilaw na walang ningas ang wakas ng kanyang buhay.

21Ang perang hindi pinaghirapan, kung gastusin ay walang hinayang.

22Huwag mong gantihan ng masama ang masama; tutulungan ka ni Yahweh, sa kanya ka magtiwala.

23Si Yahweh ay napopoot sa panukat na di tama, siya ay namumuhi sa timbangang may daya.

24Si Yahweh lamang ang nagtatakda ng ating landasin; kaya huwag ipagyabang ang iyong lakbayin.

25Bago mangako sa Diyos ay isiping mabuti, upang hindi ka magsisi sa bandang huli.

26Malalaman ng haring matalino ang lahat ng gumagawa ng masama, at pagdating ng araw sila'y pinaparusahan nang walang awa.

27Binigyan tayo ni Yahweh ng isipan at ng budhi, kaya't wala tayong maitatago kahit na sandali.

28Ang haring tapat at makatarungan ay magtatagal sa kanyang luklukan.

29Karangalan ng kabataan ang kanyang kalakasan, ang putong ng katandaan, buhok na panay uban.

30Ang hampas na lumalatay ay lumilinis ng kasamaan, at ang palong nadarama'y humuhugas sa kalooban.

## Mga Kawikaan 21

1Hawak ni Yahweh ang isip ng isang hari at naibabaling niya ito kung saan igawi.

2Ang akala ng tao lahat ng kilos niya'y wasto, ngunit si Yahweh lang ang nakakasaliksik ng puso.

3Higit na kalugud-lugod kay Yahweh kaysa mga handog ang mga gawang makatuwiran at makatarungan.

4Ugaling mapangmata at pusong mapagyabang, ito ang siyang gabay ng mga makasalanan.

5Ang mabuting pagbabalak ay pinapakinabangan, ngunit ang dalus-dalos na paggawa'y walang kahihinatnan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

[6]Ang pagkakamal ng salapi dahil sa kadayaan ay maghahatid sa maagang kamatayan.

[7]Ang masama'y ipinapahamak ng sariling karahasan, pagkat ayaw gawin ang talagang katuwiran.

[8]Ang landas ng may sala ay paliku-liko, ngunit ang lakad ng matuwid ay laging wasto.

[9]Masarap pa ang tumira sa bubungan ng bahay kaysa sa loob ng bahay na ang kasama'y asawang madaldal.

[10]Ang isip ng masama'y lagi sa kalikuan, kahit na kanino'y walang pakundangan.

[11]Parusahan mo ang mangungutya at matututo ang mangmang, pagsabihan mo ang matino, lalong lalawak ang kanyang kaalaman.

[12]Alam ng Diyos ang nangyayari sa loob ng bahay ng masama, at siya'y gumagawa ng paraan upang sila'y mapariwara.

[13]Ang hindi pumapansin sa daing ng mahirap, daraing din balang araw ngunit walang lilingap.

[14]Kung ang kapwa mo ay may hinanakit, regaluhan mo nang palihim, mawawala ang galit.

[15]Kapag umiiral ang katarungan, natutuwa ang matuwid, ngunit nalulungkot ang masama at may likong pag-iisip.

[16]Ang lumilihis sa daan ng kaalaman ay hahantong sa kamatayan.

[17]Ang taong maluho at mahilig sa alak ay di yayaman, bagkus sa hirap siya'y masasadlak.

[18]Ang masamang balak sa taong matuwid ay babalik sa liko ang pag-iisip.

[19]Mas mabuti ang mag-isang manirahan sa ilang kaysa makisama sa asawang madaldal at palaaway.

[20]Ang bahay ng matalino'y napupuno ng kayamanan, ngunit lahat ay winawaldas ng taong mangmang.

[21]Ang lumalakad sa daan ng katuwiran at katapatan ay nagkakamit ng buhay at karangalan.

[22]Ang matalinong pinuno ay makakapasok sa lunsod na may mga bantay, at kanyang maiguguho ang inaasahan nilang muog na matibay.

[23]Ang pumipigil sa kanyang dila ay umiiwas sa masama.

[24]Ang taong makasarili ay palalo at mapang-api.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[25]Gutom ang papatay sa taong batugan, pagkat ayaw niyang ikilos ang kanyang mga kamay.

[26]Ang taong tamad ay nanghihingi araw-araw, ngunit ang matuwid ay di nagsasawa ng kabibigay.

[27]Ang handog ng masama ay kasuklam-suklam sa Diyos, lalo't ang layunin nito ay di kalugud-lugod.

[28]Ang patotoo ng sinungaling ay di papakinggan, ngunit ang salita ng tapat ay pahahalagahan.

[29]Alam ng matuwid ang kanyang hinaharap, di tulad ng masama, nagkukunwa, nagpapanggap.

[30]Ang kaalaman ng tao, unawa o karunungan ay di makatutulong kung si Yahweh ay kalaban.

[31]Ang kabayo'y naihahanda para sa digmaan, ngunit tanging si Yahweh ang nagbibigay ng tagumpay.

## Mga Kawikaan 22

[1]Mas mabuting piliin ang malinis na pangalan, kaysa pilak at ginto o anumang kayamanan.

[2]Kay Yahweh ay pareho ang mayama't mahirap, pagkat siya ang may lalang sa kanilang lahat.

[3]Kung may dumarating na panganib, ang matalino'y nag-iingat, ngunit di ito pansin ng mangmang kaya siya'y napapahamak.

[4]Ang paggalang at pagsunod kay Yahweh at ang kapakumbabaan ay nagbubunga ng yaman, buhay at karangalan.

[5]Sa landas ng masama ay may tinik at mga patibong, at ang nagmamahal sa sarili ay umiiwas doon.

[6]Ituro sa bata ang daang dapat niyang lakaran, at hanggang sa paglaki'y di niya ito malilimutan.

[7]Ang mahirap ay nasa kapangyarihan ng mayaman, ang nangangailangan ay alipin ng nagpapahiram.

[8]Ang naghahasik ng kasamaan ay mag-aani ng kamalasan, at hindi magtatagal ang kanyang kasamaan.

[9]Ang mahirap ay bahaginan mo ng pagkain, at tiyak na ikaw ay pagpapalain.

[10]Palayasin mo ang mga sulsol at mawawala ang alitan, at matitigil ang kaguluhan pati pag-aaway.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Ang magiliw mangusap at may pusong dalisay, pati ang hari'y magiging kaibigan.

12Binabantayan ni Yahweh ang mga nag-iingat ng kaalaman, ngunit di niya pinagtatagumpay ang salita ng mga mangmang.

13Ang tamad ay ayaw lumabas ng bahay, ang idinadahila'y may leon sa daan.

14Ang salita ng mapang-apid ay isang patibong at ang mga hindi nagtitiwala kay Yahweh ang nahuhulog doon.

15Likas sa mga bata ang pagiging pilyo, ngunit sa pamamagitan ng palo, sila'y matututo.

16Ang nagreregalo sa mayaman o umaapi sa mahirap para magpayaman ay mauuwi rin sa karalitaan.

**Tatlumpung mga Kawikaan**

17Pakinggan mo at pag-aralang mabuti ang aking mga ituturo.

18Ito'y magdudulot sa iyo ng kaligayahan kung isasaulo mo.

19Sinasabi ko ito sa iyo sapagkat nais kong si Yahweh ang iyong panaligan.

20Tatlumpu ang kawikaang ito. Bawat isa ay magandang panuntunan at magdudulot ng kaalaman.

21Ituturo nito sa iyo kung ano ang katotohanan. Sa gayon, may maisasagot ka kung may magtanong sa iyo.

**-1-**

22Huwag mong samantalahin ang kahinaan ng mahihirap, ni pagmalabisan ang dukha sa harap ng hukuman.

23Sapagkat ipagtatanggol sila ni Yahweh, at aagawan niya ang nang-agaw sa mga iyon.

**-2-**

24Huwag kang makipagkaibigan sa taong bugnutin, ni makisama sa taong magagalitin,

25baka mahawa sa kanila at sa bitag ay masilo.

**-3-**

26Huwag kang mangangako para sa utang ng iba, ni gumarantiya para sa kanya.

27Kapag hindi ka nakabayad, hindi ba't kukunin pati ang higaan mo?

**-4-**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[28]Huwag mong babaguhin ang mga hangganang itinayo, ito'y inilagay doon ng ating mga ninuno.

**-5-**

[29]Alam ba ninyo kung sino ang pinaglilingkuran ng mga mahusay magtrabaho? Sila'y naglilingkod sa mga hari, hindi sa mga alipin.

## Mga Kawikaan 23

**-6-**

[1]Kung ikaw ay kasalo ng may mataas na katungkulan, huwag mong kalilimutan kung sino ang iyong kaharap.

[2]Kung ikaw man ay matakaw, pigilan mo ang iyong sarili.

[3]Huwag mong nasain ang pagkain ng hari, baka iyon ay pain lang sa iyo.

**-7-**

[4]Huwag mong pagurin ang sarili sa pagpapayaman; pag-aralan mong umiwas doon.

[5]Sapagkat madaling mawala ang kayamanan, ito'y simbilis ng agila sa paglipad sa kalawakan.

**-8-**

[6]Huwag kang makikikain sa taong kuripot, ni nanasain man ang masasarap niyang pagkain.

[7]Sapagkat iyon ay maninikit sa iyong lalamunan. Aanyayahan ka nga niyang kumain at uminom, ngunit hindi bukal sa kalooban.

[8]Isusuka mo rin ang lahat ng iyong kinain at masasayang lang ang maganda mong sasabihin.

**-9-**

[9]Ingatan mo ang iyong dila sa harap ng mga mangmang, hindi nila mauunawaan kahit gaano kaganda ang sabihin mo.

**-10-**

[10]Huwag mong babaguhin ang hangganang matagal nang nakalagay, ni sasakupin ang lupa ng mga ulila.

[11]Sapagkat ang Tagapagtanggol nila ay makapangyarihan, at siya ang iyong makakalaban.

**-11-**

[12]Huwag kang hihiwalay sa mabubuting aral, at pakinggan mong mabuti ang salita ng karunungan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

**-12-**

13Disiplinahin mo ang bata. Ang wastong pagpalo ay hindi niya ikamamatay.

14Inililigtas mo pa siya mula sa daigdig ng mga patay.

**-13-**

15Anak, matutuwa ako kung magiging matalino ka.

16Makadarama ako ng pagmamalaki kung ang mga salita mo ay may karunungan.

**-14-**

17Huwag kang maiinggit sa mga makasalanan, sa halip, si Yahweh ay laging igalang at sundin.

18Kung magkagayon ay gaganda ang iyong kinabukasan.

**-15-**

19Anak, maging matalino ka at pag-isipan mong mabuti ang iyong buhay.

20Huwag kang makikisama sa mga lasenggo at sa masiba sa pagkain.

21Pagkat sila'y masasadlak sa kahirapan, at darating ang panahong magdadamit ng basahan.

**-16-**

22Pakinggan mo ang iyong ama na pinagkakautangan mo ng buhay, at huwag hahamakin ang iyong ina kapag siya'y matanda na.

23Hanapin mo ang katotohanan, karunungan at unawa. Pahalagahan mo ang mga ito at huwag pababayaang mawala.

24Ang ama ng taong matuwid ay puno ng kagalakan. Ipinagmamalaki ng ama ang anak na matalino.

25Sikapin mong ikaw ay maging karapat-dapat ipagmalaki ng iyong mga magulang at madudulutan mo ng kaligayahan ang iyong ina.

**-17-**

26Anak, makinig kang mabuti sa akin at tularan mo ang aking pamumuhay.

27Ang masasamang babae at di-tapat na asawa ay mapanganib na patibong, tiyak na mamamatay ang mahulog doon.

28Siya'y laging nakaabang tulad ng magnanakaw, at sinumang maakit niya ay natututong magtaksil.

**-18-**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29Sino ang may kalungkutan at may malaking panghihinayang? Sino ang may kaaway at kabalisahan? Sino ang nasusugatan nang di nalalaman? At sino ang may matang pinamumulahan?

30Sino pa kundi ang sugapa sa alak, at ang nagpapakalango sa masarap na inumin.

31Huwag mong tutunggain ang matapang na alak kahit ito'y katakam-takam,

32sapagkat kinaumagahan ay daig mo pa ang tinuklaw ng ahas na makamandag.

33Kung anu-ano ang iyong sasabihin, at hindi ka makapag-isip nang mabuti.

34Ang makakatulad mo'y nasa gitna ng dagat at hinahampas ng malalaking alon. Pasuray-suray kang maglalakad

35at sasabihin mo, “Ano sa akin kung ako'y mahandusay? Mabulagta man ako, ayos lang iyan! Pagbangon ko, iinom muli ako.”

## Mga Kawikaan 24

**-19-**

1Huwag mong kainggitan ang mga makasalanan ni sa kanila'y makipagkaibigan.

2Ang nasa isip nila'y laging kaguluhan, at ang dila nila'y puno ng kasinungalingan.

**-20-**

3Sa pamamagitan ng karunungan, naitatayo ang isang bahay, at ito'y naitatatag dahil sa kaunawaan.

4Ang loob ng tahanan ay napupuno ng lahat ng magagandang bagay dahil sa karunungan.

**-21-**

5Ang karunungan ay higit na mabuti kaysa kalakasan. At ang kaalaman ay kapangyarihan.

6Ang digmaa'y naipagtatagumpay dahil sa mahusay na pagpaplano sapagkat ang tagumpay ay bunga ng mabuting payo.

**-22-**

7Ang malalim na kasabihan ay di mauunawaan ng mangmang. Wala itong masasabi sa mahahalagang usapan.

**-23-**

8Ang mahilig sa paggawa ng masama ay tinatawag na puno ng kasamaan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Anumang pakana ng masama ay kasalanan, at kinamumuhian ng tao ang nanunuya sa kapwa.

**-24-**

10Kung hindi ka makatagal sa panahon ng kahirapan ay nangangahulugan ngang ikaw ay mahina.

**-25-**

11Tulungan mo at iligtas ang hinatulang mamatay nang walang katarungan.

12Kapag sinabi mong, “Wala akong pakialam sa taong iyan,” ito'y hindi maikakaila sa Diyos na nakakaalam ng laman ng iyong puso. Alam ito ng Diyos na nakatunghay sa iyo. Pagbabayarin niya ang tao ayon sa ginawa nito.

**-26-**

13Anak, uminom ka ng pulot-pukyutan at ito'y makakabuti sa iyo. Kung ang pulot-pukyutan ay masarap sa panlasa,

14ang karunungan naman ay mabuti sa kaluluwa. Kaya, hanapin mo ang kaalaman at magkakaroon ka ng magandang kinabukasan.

**-27-**

15Ang tahanan ng matuwid ay huwag mong pag-isipang pagnakawan, ni gagawan ng dahas ang kanyang tinitirhan,

16sapagkat siya'y makatatayong muli mabuwal man ng pitong ulit. Ngunit ang masama ay dagling nababagsak sa panahon ng kahirapan.

**-28-**

17Huwag mong ikagalak ang pagbagsak ng iyong kaaway ni ang kanyang kapahamakan.

18Kapag ginawa mo iyon, magagalit sa iyo si Yahweh at sila'y hindi na niya paparusahan.

**-29-**

19Huwag kang maiinggit sa mga gumagawa ng masama ni tutulad sa kanilang mga gawa.

20Ang masama ay walang kinabukasan, walang inaasahan sa hinaharap.

**-30-**

21Anak, igalang at sundin mo si Yahweh, gayon din ang hari. Huwag mong susuwayin ang sinuman sa kanila

22sapagkat bigla na lang kayong mapapahamak. Hindi ka ba natatakot sa pinsalang magagawa nila sa iyo?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Mga Karagdagang Kawikaan

23Narito pa ang ilang mahahalagang kawikaan: Hindi dapat magtangi sa pagpapairal ng katarungan.

24Ang hukom na nagpapawalang-sala sa may kasalanan ay itinatakwil ng tao at isinusumpa ng bayan.

25Ang nagpaparusa sa masama ay mapapabuti at pagpapalain.

26Ang tapat na kasagutan ay tanda ng mabuting pagkakaibigan.

27Ihanda mo muna ang iyong bukid para mayroon kang tiyak na pagkakakitaan bago ka magtayo ng bahay at magtatag ng tahanan.

28Huwag kang sasaksi laban sa iyong kapwa nang walang sapat na dahilan, ni magsasabi ng kasinungalingan laban sa kanya.

29Huwag mong sasabihin, "Gagawin ko sa kanya ang ginawa niya sa akin upang ako'y makaganti!"

30Napadaan ako sa bukid at ubasan ng isang tamad at mangmang.

31Ito'y puno ng matinik na damo, at gumuho na ang bakod nito.

32Ang nakita ko'y pinag-isipan kong mabuti at may nakuha akong magandang aral:

33Kaunting tulog, bahagyang idlip, sandaling pahinga at paghalukipkip,

34samantalang namamahinga ka ang kahirapa'y darating na parang armadong magnanakaw upang kunin ang lahat ng iyong kailangan.

## Mga Kawikaan 25

### Mga Karagdagang Kawikaan ni Solomon

1Narito pa ang mga kawikaan ni Solomon; tinipon at kinopya ng mga tauhan ni Hezekias na hari ng Juda.

2Kaluwalhatian ng Diyos na balutin ng hiwaga ang lahat ng bagay, at karangalan naman ng hari na ito'y saliksikin.

3Isipan ng hari'y mahirap malaman, ito'y sintaas ng langit, sinlalim ng karagatan.

4Kapag ang pilak ay dalisay, may magagawa na ang panday.

5Kapag ang masamang tagapayo'y naalis sa paligid ng hari, ang katarungan ang mamamalagi.

6Huwag kang magmamataas sa harap ng hari, ni ihanay ang sarili sa mga taong pili.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[7]Pagkat mas mabuting sabihin sa iyong, “Halika rito,” kaysa hamakin ka sa harap ng marami.

[8]Ang nakita mo'y huwag agad dalhin sa hukuman, baka sa bandang huli'y lumabas ka pang may kasalanan.

[9]Kung may alitan kayo ng iyong kapwa, ilihim at lutasin agad at baka lumala.

[10]Baka ito ay malantad sa kaalaman ng madla at kayo'y malagay sa kahiya-hiya.

[11]Kapag angkop sa panahon ang salitang binigkas, para itong ginto sa lalagyang pilak.

[12]Ang magandang payo sa marunong makinig ay higit na di hamak sa ginto o mamahaling alahas.

[13]Ang sugong tapat ay kasiyahan ng nagsugo sa kanya, tulad ng malamig na tubig sa panahon ng tag-araw.

[14]Ang taong puro pangako lamang ay parang ulap at hanging walang dalang ulan.

[15]Sa malumanay na pakiusap pusong bato'y nababagbag, sa pagtitiyaga pati hari ay nahihikayat.

[16]Huwag kakain ng labis na pulot-pukyutan at baka ito'y isuka mo lang.

[17]Huwag mong dadalasan ang dalaw sa kapwa, baka siya mabagot at sa iyo'y magsawa.

[18]Ang taong sumasaksi laban sa kapwa nang walang katotohanan ay tulad ng tabak, pambambo o palasong pumapatay.

[19]Ang taksil na pinagtiwalaan sa panahon ng pangangailangan ay tulad ng ngiping umuuga at mga paang pilay.

[20]Hapdi ang dulot ng awit sa pusong may sugat, parang asing ikinuskos sa gasgas na balat, parang paghuhubad ng damit sa panahon ng taglamig.

[21]Kapag nagugutom ang iyong kaaway, pakainin mo at painumin kung siya'y nauuhaw.

[22]Sa gayo'y mailalagay mo siya sa kahihiyan at tatanggap ka pa ng gantimpala mula kay Yahweh.

[23]Kung paanong ang hanging timog ay nagdadala ng ulan, nagdadala naman ng galit ang paninira ng karangalan.

[24]Masarap pa ang tumira sa bubungan ng bahay kaysa loob ng bahay na ang kasama'y asawang madaldal.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

25Kung paano ang malamig na tubig sa labing nauuhaw, gayon ang mabuting balita buhat sa malayong bayan.

26Bukal na nilabo o balong nadumihan ang katulad ng matuwid na sa masama ay nakipagkaibigan.

27Kung paanong masama ang labis na pulot-pukyutan, gayon din ang pagkagahaman sa karangalan.

28Ang taong walang pagpipigil ay tulad ng lunsod na walang tanggulan, madaling masakop ng mga kaaway.

## Mga Kawikaan 26

1Ang papuri'y di angkop sa taong mangmang, parang ulan ng yelo sa tag-araw o panahon ng anihan.

2Ang sumpang di nararapat ay hindi tatalab, tulad lang ito ng ibong di dumadapo at lilipad-lipad.

3Ang latigo'y para sa kabayo, ang bokado'y para sa asno, ang pamalo naman ay sa mangmang na tao.

4Huwag mong papatulan ang isang mangmang at baka lumabas na higit ka pang mangmang.

5Sagutin mo ang mangmang ayon sa kanyang kahangalan, upang hindi niya isipin na siya'y may katuwiran.

6Ang magpadala ng balita sa mangmang ay napakadelikado, para mo na ring tinaga ang mga paa mo.

7Kung ang paang pilay ay walang kabuluhan, ganoon din ang kawikaan sa bibig ng mangmang.

8Ang isang papuring sa mangmang iniukol ay parang batong nakatali sa balat ng tirador.

9Ang isang kawikaan sa bibig ng mangmang, ay tulad ng tinik sa kamay ng lasing.

10Tulad ng isang namamana ng kahit na sino ang isang taong umupa ng mangmang o lasenggo.

11Ang taong nananatili sa kanyang kahangalan ay tulad ng aso, ang sariling suka ay binabalikan nito.

12Nakakita na ba kayo ng taong nag-aakalang siya ang pinakamatalino? Mas may pag-asa pa ang mangmang kaysa taong ito.

13Ano ang idinadahilan ng taong batugan? “May leon sa daan, may leon sa lansangan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Kung paano lumalapat ang pinto sa hamba, ang batugan naman ay sa kanyang kama.

15Ang kamay ng tamad ay nadidikit sa pinggan, ni hindi mailapit sa bibig dahil sa katamaran.

16Ang palagay ng tamad, siya ay mas marunong kaysa pitong taong wasto kung tumugon.

17Ang nakikisali sa gulo ng may gulo ay tulad ng taong dumadakma sa tainga ng aso.

18-19Ang taong nandaraya saka sasabihing nagbibiro lang ay tulad ng baliw na naglalaro ng sandatang nakamamatay.

20Namamatay ang apoy kung ubos na ang kahoy; nahihinto ang away kapag walang nanunulsol.

21Kung ang baga'y nagdidikit dahil sa pag-ihip, at nagliliyab ang apoy kung maraming gatong, patuloy ang labu-labo kung maraming mapanggulo.

22Ang tsismis ay tulad ng masarap na pagkain; masarap pakinggan, masarap namnamin.

23Ang matamis ngunit pakunwaring salita ay parang pintura ng mumurahing banga.

24Ang tunay na damdamin ng mapagkunwari ay maitatago sa salitang mainam.

25Matamis pakinggan ngunit huwag paniwalaan sapagkat iyon ay bunga ng kanyang pagkasuklam.

26Maaaring ang galit niya'y maitago sa magandang paraan ngunit nalalantad din sa mata ng lahat.

27Ang nag-uumang ng bitag ay siya ring mahuhuli roon. Ang nagpapagulong ng bato ang siyang tatamaan niyon.

28Ang taong sinungaling ay galit sa kapwa. Ang madayang salita ay nagpapahamak sa iba.

## Mga Kawikaan 27

1Huwag ipagyayabang ang araw ng bukas, pagkat di mo alam kung anong magaganap.

2Hayaan mong iba ang sa iyo'y pumuri at ang sariling bangko'y huwag mong buhatin.

3Ang bato ay mabigat, ang buhangin ay may timbang, ngunit mas mabigat ang kaguluhang dulot ng kamangmangan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Ang galit ay mabagsik, ang poot ay mabangis, ngunit ang pagseselos ay may ibayong lupit.

5Hindi hamak na mabuti ang harapang paninita, kaysa naman sa pag-ibig, ngunit ito'y lihim pala.

6May pakinabang sa hampas ng tapat na kaibigan kaysa halik ng isang kaaway.

7Ang taong busog ay tatanggi kahit sa pulot-pukyutan, ngunit sa taong gutom, matamis kahit ang ampalaya.

8Ang taong lumayas sa kanyang tahanan, tulad ng ibong sa pugad ay lumisan.

9Ang langis at pabango'y pampasigla ng pakiramdam ngunit ang kabalisaha'y pampahina ng kalooban.

10Huwag mong pababayaan ang iyong kaibigan, ni ang kaibigan ng iyong magulang. Kung ikaw ay nagigipit, huwag sa kapatid lalapit. Higit na mabuti ang kapitbahay na malapit, kaysa isang malayong kapatid.

11Magpakatalino ka, anak, upang ako'y masiyahan at sa gayo'y di ako mapahiya sa nangungutya man.

12Alam ng matalino kung may panganib at siya'y nag-iingat, ngunit di ito pansin ng mangmang kaya siya'y napapahamak.

13Kunin mo ang kasuotan ng sinumang nananagot para sa iba, at siya ang pagdusahin mo dahil sa pag-ako sa di niya kilala.

14Ang pahiyaw na pagbati bilang panggising sa kaibigan ay para nang sumpang binibitiwan.

15Nakakayamot ang asawang masalita tulad ng ulan na ayaw tumila.

16Mahirap siyang patigilin, para kang dumadakot ng langis o pumipigil sa hangin.

17Bakal ang nagpapatalim sa kapwa bakal at isip ang nagpapatalas sa kapwa isipan.

18Ang nag-aalaga sa punong igos ay makakakain ng bunga niyon; ang aliping may malasakit ay pararangalan naman ng kanyang panginoon.

19Kung paanong ang mukha ay nalalarawan sa tubig, sa kilos naman nahahalata ang iniisip.

20Ang nasa ng tao'y walang katapusan, tulad ng libingan, laging naghihintay.

21Dinadalisay sa apoy ang ginto at pilak, ngunit ugali ng tao ay makikilala sa gawa araw-araw.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Bayuhin mang parang bigas ang isang taong mangmang, hindi rin maaalis ang kanyang kamangmangan.

23Ang iyong mga hayop ay iyong bantayan, alagaang mabuti ang iyong kawan.

24Di mamamalagi ang yaman, ganoon din ang mga nasa kapangyarihan.

25Putulin muna ang dayami, saka gapasin ang damo sa parang habang hinihintay ang susunod na anihan.

26Sa mga tupa kinukuha ang ginagawang kasuotan, at ang pinagbentahan mo ng iyong kambing ay maaaring ipambili ng bukid.

27Ang gatas ng inahing kambing ay sa ibang kailangan, sa pagkain ng pamilya mo't mga katulong sa bahay.

## Mga Kawikaan 28

### Ang Matuwid at ang Masama

1Tumatakbo ang masama kahit walang humahabol, ngunit panatag ang matuwid, ang katulad ay leon.

2Kung ang bayan ay magkasala, maraming gustong mamahala, ngunit kung matalino ang namumuno, malakas at matatag ang bansa.

3Ang pinunong sa mahihirap ay sumisiil ay tulad ng ulang sumisira sa pananim.

4Ang masama ay pinupuri ng masuwayin sa batas, ngunit kalaban nila ang mga taong sa tuntunin ay tumutupad.

5Hindi alam ng masama kung ano ang katarungan, ngunit ang mga sumasamba kay Yahweh, lubos itong maiintindihan.

6Mabuti na ang mahirap na namumuhay sa katuwiran, kaysa taong mayaman ngunit makasalanan.

7Ang anak na matalino ay sumusunod sa aral, ngunit ang nakikipagbarkada sa masasama ay kahihiyan ng magulang.

8Ang kayamanang natamo sa pamamagitan ng patubuan ay mauuwi sa maawain at matulungin sa nangangailangan.

9Ang panalangin ng taong hindi sumusunod sa kautusan ay kasuklam-suklam.

10Ang tumutukso sa mabuti upang magpakasama ay mabubulid sa sariling pakana, ngunit ang taong may tapat na pamumuhay ay magmamana ng maraming kabutihan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Ang palagay ng mayaman ay marunong siya, ngunit ang mahirap na may unawa ay mabuti pa sa kanya.

12Kapag matuwid ang nasa kapangyarihan, ang lahat ay nagdiriwang, ngunit kung ang pumalit ay masama, lahat ay nasa taguan.

13Ang nagkukubli ng kanyang sala ay hindi mapapabuti, ngunit kahahabagan ng Diyos ang nagbabalik-loob at nagsisisi.

14Mapalad ang taong sumusunod sa ating Diyos, ngunit ang matigas ang ulo ay mapapahamak.

15Ang masamang hari ay tila leong mabagsik at nakakatakot na parang osong mabangis.

16Ang haring walang pang-unawa ay tiyak na malupit; ang pamamahala ng tapat na hari ay lalawig.

17Ang pumatay sa kapwa ay humuhukay ng sariling libingan, at ang taong ito'y di dapat tulungan.

18Ang taong tapat ay ligtas sa kapahamakan, ngunit ang masama ay biglang mabubuwal.

19Sagana sa pagkain ang magsasakang masipag, ngunit naghihirap ang taong tamad.

20Ang taong tapat ay mananagana sa pagpapala, ngunit paparusahan ang yumaman sa pandaraya.

21Ang paghatol nang may kinikilingan ay hindi mainam, ngunit dahil sa suhol may hukom na gumagawa ng ganitong kasamaan.

22Ang kuripot ay nagmamadaling yumaman ni hindi iniisip na kahirapan ay daratal.

23Ang tapat sa pagsaway sa bandang huli'y pasasalamatan kaysa sa taong panay ang pagpuri kahit hindi nararapat.

24Ang anak na ninakawan ang kanyang magulang at sasabihing ito'y hindi kasalanan, ay masahol pa sa karaniwang magnanakaw.

25Ang taong gahaman ay lumilikha ng kaguluhan, ngunit ang nagtitiwala kay Yahweh, uunlad ang kabuhayan.

26Ang nagtitiwala sa sariling kakayahan ay mangmang, ngunit ang sumusunod sa magandang payo ay malayo sa kapahamakan.

27Ang tumutulong sa mahirap ay di magkukulang, ngunit susumpain ang nagbubulag-bulagan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

28Kapag masama ang pinuno, ang lahat ay nagkukubli, ngunit kapag sila ay wala na, ang mabubuti'y dumadami.

## Mga Kawikaan 29

1Ang taong ayaw magbago ay hindi maliligtas; ang hindi makinig ng payo ay mapapahamak.

2Kapag matuwid ang namamahala, bayan ay nagsasaya, ngunit tumatangis ang bayan kung ang pinuno ay masama.

3Ang nagpapahalaga sa karunungan ay nagbibigay galak sa magulang, ngunit ang nakikisama sa patutot ay nagwawaldas ng kayamanan.

4Ang kaharian ay matatag kung ang hari'y makatarungan, ngunit ito'y mawawasak kung sa salapi siya'y gahaman.

5Ang kunwang pumupuri sa kanyang kapwa, nag-uumang ng bitag na sa sarili inihahanda.

6Ang masama ay nahuhuli sa sariling kasalanan, ngunit ang matuwid ay panatag, may awit ng kagalakan.

7Kinikilala ng matuwid ang karapatan ng mahirap, ngunit ito'y balewala sa mga taong swapang.

8Ang buong bayan ay ginugulo ng palalo, ngunit ang galit ay pinapawi ng taong matino.

9Kapag inihabla ng may unawa ang isang taong mangmang, ito'y hahalakhak lang at lilikha ng kaguluhan.

10Ang mamamatay-tao ay namumuhi sa taong tapat, ngunit ang matuwid, sa kanila'y nag-iingat.

11Kung magalit ang mangmang ay walang pakundangan, ngunit ang matalino'y nagpipigil na ang galit niya'y mahalata.

12Kapag nakinig ang hari sa kasinungalingan, lahat ng lingkod niya'y mabubuyo sa kasamaan.

13Magkapareho sa iisang bagay ang mahirap at maniniil: Si Yahweh ang may bigay ng kanilang paningin.

14Kung ang pagtingin ng hari ay pantay-pantay, magiging matatag magpakailanman ang kanyang kaharian.

15Disiplina at pangaral, hatid ay karunungan; ngunit ang batang suwail, sa magulang ay kahihiyan.

16Kapag masama ang namamahala, naglipana ang karahasan, ngunit masasaksihan ng matuwid ang kanilang kapahamakan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Ang anak mo'y busugin sa pangaral, at pagdating ng araw, siya'y iyong karangalan.

18Ang bansang walang patnubay ng Diyos ay puno ng kaguluhan, ngunit mapalad ang taong sumusunod sa Kautusan.

19Ang utusan ay di matututo kung ito lang ay pagsasabihan, pagkat di niya susundin kahit ito ay maunawaan.

20Mabuti nang di hamak ang hangal kaysa taong ang sinasabi'y hindi na pinag-iisipan.

21Kapag ang utusan ay iyong pinalayaw, siya na ang mag-uutos pagdating ng araw.

22Ang taong magagalitin ay laging napapasok sa gulo; laging nakikipag-away dahil sa init ng ulo.

23Ang magbabagsak sa tao'y ang kanyang kapalaluan, ngunit ang mapagpakumbaba ay magtatamo ng karangalan.

24Ang makipagsabwatan sa magnanakaw ay mahirap na kalagayan: Kapag nagsabi ng totoo, ipabibilanggo ng hukuman, ngunit paparusahan naman ng Diyos kapag ang sinabi'y kasinungalingan.

25Huwag mong ikabahala ang sinasabi ng iba, magtiwala ka kay Yahweh at mapapanatag ka.

26Marami ang lumalapit sa hari upang humingi ng tulong, ngunit kay Yahweh lamang makakamtan ang katarungan.

27Ang masama ay kinasusuklaman ng mga matuwid; ang masasama nama'y sa matuwid nagagalit.

## Mga Kawikaan 30

### Ang mga Kawikaan ni Agur

1Mga kawikaan ni Agur na anak ni Jakeh ng Massa. Ito ang sinabi niya kina Itiel at Ucal: “Ang Diyos ay malayo sa akin, wala akong magagawa.

2Ako ay mangmang, alangang maging tao. Wala akong karunungan, hindi ako matalino.

3Di ako nakapag-aral, kaya ako ay mangmang, walang karunungan, walang alam sa Maykapal.

4Sino ang dalubhasa tungkol sa kalangitan? Sino ang nakapigil ng hangin sa kanyang palad? Sino ang nakapagbalot ng tubig sa isang damit? Sino ang naglagay ng mga hangganan sa daigdig? Sino siya? Sino ang kanyang anak?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5“Ang lahat ng salita ng Diyos ay mapananaligan at siya ang kanlungan ng mga nananalig sa kanya.

6Huwag mong daragdagan ang kanyang salita sapagkat pagsasabihan ka niya bilang isang sinungaling.”

**Karagdagang Kawikaan**

7Diyos ko, may hihilingin akong dalawang bagay bago ako mamatay:

8Huwag akong hayaang maging sinungaling. Huwag mo akong payamanin o paghirapin. Sapat na pagkain lamang ang ibigay mo sa akin.

9Baka kung managana ako ay masabi kong hindi na kita kailangan. Baka naman kung maghirap ako'y matutong magnakaw, at pangalan mo'y malapastangan.

10Ang alipin ay huwag mong sisiraan sa kanyang amo, baka isumpa ka niya't pagbayarin sa ginawa mo.

11May mga taong naninira sa kanilang ama, masama ang sinasabi tungkol sa kanilang ina.

12May mga taong nagmamalinis sa sarili, ngunit ang totoo'y walang kasindumi.

13May mga taong masyadong palalo, ang akala nila'y kung sino na sila.

14May mga tao namang masyadong masakim, pati mahihirap, kanilang sinisiil.

15Ang linta ay may dalawang anak, “Bigyan mo ako, bigyan mo ako,” ang lagi nilang hiling. May apat na bagay na kailanma'y di masiyahan:

16Ang libingan, ang babaing walang anak, ang lupang tuyo na laging nais matigmak, at ang apoy na naglalagablab.

17Ang anak na kumukutya sa kanyang ama at laging sumusuway sa salita ng ina, tutukain ng uwak ang kanilang mata at kakainin ng buwitre ang kanilang bangkay.

18May apat na bagay na di ko maunawaan:

19Ang paglipad ng agila sa kalangitan, ang paggapang ng ahas sa ibabaw ng batuhan, ang paglalayag ng barko sa karagatan, at ang babae't lalaking nagmamahalan.

20Ganito naman ang ginagawa ng asawang nagtataksil: makikipagtalik, pagkatapos ay magbibihis saka sasabihing wala siyang ginagawang masama.

21May apat na bagay na yayanig sa daigdig:

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Ang aliping naging hari, ang isang mangmang na sagana sa pagkain,

23ang babaing masungit na nagkaasawa, at ang isang aliping babaing pumalit sa kanyang amo.

24Sa daigdig ay may apat na maliliit na hayop ngunit may pambihirang kaisipan.

25Ang mga langgam: sila ay mahina subalit nag-iipon ng pagkain kung tag-araw.

26Ang mga kuneho: mahihina rin sila subalit nakagagawa ng kanilang tirahan sa batuhan.

27Ang mga balang: bagama't walang haring sumusubaybay ay lumalakad nang maayos at buong inam.

28Ang mga butiki:  maaaring hawakan sa iyong palad dahil sa kaliitan, subalit nasa palasyo ng hari at doon naninirahan.

29May apat na bagay na kasiya-siyang pagmasdan sa kanilang paglakad:

30Ang leon, pinakamatapang na hayop at kahit kanino ay di natatakot.

31Ang tandang na magilas, ang kambing na mabulas, at ang hari sa harap ng bayan.

32Kung sa kahangalan mo'y naging palalo ka at nagbalak ng masama, mag-isip-isip ka.

33Batihin mo ang gatas at may mantekilya ka; suntukin mo ang ilong ng iyong kapwa at dudugo nang sagana; guluhin mo ang iba at mapapaaway ka.

## Mga Kawikaan 31

### Mga Kawikaan ng Ina ni Haring Lemuel

1Ito ang mga payo ni Haring Lemuel ng Massa, mga kawikaang itinuro ng kanyang ina.

2“Mayroon akong sasabihin sa iyo anak, na tugon sa aking dalangin.

3Huwag mong uubusin sa babae ang lakas mo at salapi, at baka mapahamak kang tulad ng ibang hari.

4Lemuel, di dapat sa hari ang uminom ng alak o matapang na inumin.

5Kadalasan kapag lasing na sila'y nalilimutan na nila ang matuwid at napapabayaan ang karapatan ng mga taong naghihirap.

6Ang alak ay ibigay mo na lamang sa nawawalan ng pag-asa at sa mga taong dumaranas ng matinding kahirapan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Hayaan silang uminom upang hirap ay malimutan, at kasawia'y di na matandaan.

8“Ipagtanggol mo ang mga di makalaban, ipaglaban ang kanilang karapatan.

9Ipahayag mo nang malinaw ang katotohanan at ang katuwiran, at igawad ang katarungan sa api at mahirap.”

**Ang Huwarang Maybahay**

10Mahirap makakita ng mabuting asawa, higit sa mamahaling alahas ang kanyang halaga.

11Lubos ang tiwala ng kanyang asawa, at saganang pakinabang ang makakamit niya.

12Pinaglilingkuran niya ang asawa habang sila'y nabubuhay, pawang kabutihan ang ginagawa at di kasamaan.

13Wala siyang tigil sa paggawa, hindi na halos nagpapahinga, humahabi ng kanyang telang lino at lana.

14Tulad ng isang barkong puno ng kalakal, siya ay nag-uuwi ng pagkain mula sa malayong lugar.

15Bago pa sumikat ang araw ay inihahanda na ang pagkain ng buo niyang sambahayan, pati na ang gawain ng mga katulong sa bahay.

16Mataman niyang tinitingnan ang bukid bago siya magbayad, ang kanyang naiimpok ay ipinagpapatanim ng ubas.

17Gayunma'y naiingatan ang kamay at katawan upang matupad ang lahat ng kanyang tungkulin araw-araw.

18Sa kanya'y mahalaga ang bawat ginagawa, hanggang hatinggabi'y makikitang nagtitiyaga.

19Siya'y gumagawa ng mga sinulid, at humahabi ng sariling damit.

20Matulungin siya sa mahirap, at sa nangangailanga'y bukás ang palad.

21Hindi siya nag-aalala dumating man ang tagginaw, pagkat ang sambahayan niya'y may makapal na kasuotan.

22Gumagawa siya ng makakapal na sapin sa higaan at damit na pinong lino ang sinusuot niya.

23Ang kanyang asawa'y kilala sa lipunan at nahahanay sa mga pangunahing mamamayan.

24Gumagawa pa rin siya ng iba pang kasuotan at ipinagbibili sa mga mangangalakal.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Marangal at kapita-pitagan ang kanyang kaanyuan at wala siyang pangamba sa bukas na daratal.

26Ang mga salita niya ay puspos ng karunungan at ang turo niya ay pawang katapatan.

27Sinusubaybayan niyang mabuti ang kanyang sambahayan at hindi tumitigil sa paggawa araw-araw.

28Iginagalang siya ng kanyang mga anak at pinupuri ng kanyang kabiyak:

29“Maraming babae na mabuting asawa, ngunit sa kanila'y nakahihigit ka.”

30Mandaraya ang pang-akit at kumukupas ang ganda, ngunit ang babaing gumagalang at sumusunod kay Yahweh ay pararangalan.

31Ibigay sa kanya ang lahat ng parangal, karapat-dapat siya sa papuri ng bayan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

## Ang Mangangaral 1

### Walang Kabuluhan ang Lahat

1Ito ang mga katuruan ng Mangangaral, ang anak ni David na hari ng Israel.

2“Napakawalang kabuluhan! Napakawalang kabuluhan; lahat ay walang kabuluhan,” sabi ng Mangangaral.

3Nagpapakapagod ka nang husto sa pagtatrabaho sa mundong ito. Ngunit para saan ba ang mga pagpapagod na ito?

4Patuloy ang pagpapalit-palit ng mga lahi ngunit hindi nagbabago ang daigdig.

5Ang araw ay patuloy sa pagsikat at patuloy sa paglubog; pabalik-balik lang sa pinanggalingan.

6Ang hangin ay umiihip patungong timog, papuntang hilaga, buong araw na paikut-ikot.

7Lahat ng tubig ay umuuwi sa dagat ngunit hindi ito napupuno. Ang tubig ay bumabalik sa batis na pinagmulan upang muling umagos patungong karagatan.

8Ang lahat ng bagay ay nakababagot, hindi makayanang ipaliwanag. Walang sawa ang paningin ng tao; walang tigil ang kanyang pakinig.

9Ang naganap noon ay nangyayari rin ngayon. Ang mga nagawa noon ay nagagawa rin ngayon; walang bagong pangyayari sa mundong ito.

10Ang sabi ng iba, “Halikayo! Ito'y bago.” Ngunit naganap na iyon noong di pa tayo tao.

11Hindi na maalala ang mga nauna. At ang nangyayari ngayon ay malilimutan din sa hinaharap.

### Ang Karanasan ng Mangangaral

12Ako, ang Mangangaral, ay naging hari ng Israel.

13Siniyasat ko at pinag-aralang mabuti ang lahat ng bagay sa buong mundo. At nakita kong ang tao'y itinalaga ng Diyos sa matinding paghihirap.

14Nakita kong ang lahat ng gawa ng tao sa mundong ito ay walang kabuluhan; ito'y tulad lang ng paghahabol sa hangin.

15Hindi na maitutuwid ang baluktot at hindi na maibibilang ang wala.

16Sinabi ko sa aking sarili, “Ang karunungan ko'y higit sa sinundan kong mga hari ng Jerusalem. Alam ko kung ano ang tunay na karunungan at kaalaman.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Pinag-aralan kong mabuti ang pagkakaiba ng karunungan at ng
kamangmangan, ng katalinuhan at ng kabaliwan. Ngunit napatunayan kong
ito rin ay tulad lang ng paghahabol sa hangin.

18Habang lumalawak ang karunungan ay dumarami ang alalahanin, at
habang dumarami ang nalalaman ay lalong tumitindi ang kapighatian.

## Ang Mangangaral 2

### Kamangmangan ang Maging Makasarili

1Sinabi ko sa aking sarili, "Halika, subukan mo kung ano ang kahulugan ng
kaligayahan; magpakasaya ka!" Subalit ito man ay walang kabuluhan.

2Ang halakhak ay ipinalagay kong kahangalan at ang kaligayahan ay walang
kabuluhan.

3Sa pagnanasa kong makamit ang karunungan, ipinasya kong
magpakalasing sa alak. Sa loob-loob ko'y ito na ang pinakamainam na dapat
gawin ng tao sa maikling panahong ilalagi niya sa mundong ito.

4Nakagawa ako ng mga dakilang bagay. Nakapagpatayo ako ng malalaking
bahay at ginawa kong ubasan ang paligid nito.

5Gumawa ako para sa aking sarili ng mga hardin at liwasan. Tinamnan ko ito
ng lahat ng uri ng punongkahoy na mapapakinabangan ang bunga.

6Humukay ako ng mga balon na pagkukunan ng pandilig sa mga pananim na
ito.

7Bumili ako ng mga aliping babae at lalaki. Ang mga alipin ko'y nagkaanak
na sa aking tahanan. Ang kawan ko'y ubod ng dami, walang kasindami kung
ihahalintulad sa kawan ng mga haring nauna sa akin.

8Nakaipon ako ng napakaraming pilak at ginto mula sa mga lupaing
nasasakupan ko. Marami akong mang-aawit na babae't lalaki. Marami akong
asawa at pawang magaganda. Wala nang hahanapin pa ang isang lalaki, lalo
na kung tungkol din lang sa babae.

9Higit akong dinakila kaysa sinumang haring nauna sa akin. Taglay ko pa rin
ang aking karunungan.

10Wala akong ginustong hindi ko nakuha. Ginagawa ko ang lahat ng aking
magustuhan. Nalulugod ako sa aking mga ginagawa at iyon ang
pinakagantimpala ng aking mga pinagpaguran.

11Pagkatapos, inisip kong mabuti ang mga ginawa ko at ang pagod na aking
pinuhunan. Nakita kong ang lahat ay pawang walang kabuluhan; tulad lang
ito ng paghahabol sa hangin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[12]Naisip kong ang wakas ng isang hari ay tulad lamang ng sa mga nauna sa kanya. Tinimbang kong mabuti ang karunungan, ang kabaliwan at kamangmangan.

[13]Napatunayan kong mas mabuti ang karunungan kaysa kamangmangan, tulad ng kabutihan ng liwanag kaysa kadiliman.

[14]Nalalaman ng marunong ang kanyang patutunguhan ngunit hindi alam ng mangmang ang kanyang hangganan. Ngunit nabatid ko ring iisa ang hantungan ng lahat.

[15]Sinabi ko sa aking sarili, “Ang sinapit ng mangmang ay siya mo ring sasapitin. Ano nga ba ang napala mo sa labis na pagpapakarunong?” At naisip kong ito man ay wala ring kabuluhan.

[16]Pagkat kung paanong ang mangmang ay nalilimutan pagdating ng araw, gayon din ang lahat ay mamamatay, maging ang marunong man, o ang mangmang.

[17]Kaya't kinamuhian ko ang buhay sapagkat pawang kahirapan lamang ang idinulot nito sa akin. Lahat nga ay walang kabuluhan, at tulad lang ito ng paghahabol sa hangin.

[18]Wala na ring halaga sa akin ang lahat ng pinagpaguran ko sa mundong ito sapagkat ito'y maiiwan lamang sa susunod sa akin.

[19]At sino ang nakakatiyak kung siya'y marunong o mangmang? Gayunman, siya pa rin ang magmamana sa lahat ng mga pinagpaguran ko at ginamitan ng karunungan sa mundong ito. Ito ma'y walang kabuluhan.

[20]Kaya nga, nanghihinayang ako pagkat ako ay nagpakapagod nang husto sa mundong ito.

[21]Lahat ng pinagpaguran ng tao'y pinamuhunan niya ng karunungan, kaalaman at kakayahan ngunit pagdating ng araw ay iba ang magpapakasaya sa mga pinagpaguran niya. Ito ay walang kabuluhan, at ito'y hindi tama.

[22]Nagpapakapagod at nagpapakahirap nang husto sa mundong ito ang isang tao, ngunit para saan ba ang pagpapagod na ito?

[23]Anumang gawin ng tao'y nagdudulot sa kanya ng balisa at hinanakit. May mga gabi pang hindi siya makatulog sa pag-iisip. Ito man ay walang kabuluhan.

[24]Ang mabuti pa sa tao'y kumain at uminom, at pakinabangan ang bunga ng kanyang pinagpaguran. Alam kong ang lahat ng ito ay kaloob ng Diyos.

[25]Kung wala ang Diyos, sino pa ba ang makakakain o makakaranas ng kasiyahan?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Ang karunungan, kaalaman, at kaligayahan ay ipinagkakaloob ng Diyos sa lahat ng kinalulugdan niya. Ang makasalana'y pinagtatrabaho niya at pinag-iimpok upang ibigay lamang ito sa gusto niyang pagbigyan. Ito man ay walang kabuluhan, tulad lang ng paghahabol sa hangin.

## Ang Mangangaral 3

### May Takdang Panahon para sa Lahat

1Ang lahat sa mundong ito ay may kanya-kanyang panahon, may kanya-kanyang oras.

2Ang panahon ng pagsilang at panahon ng pagkamatay; ang panahon ng pagtatanim at panahon ng pagbunot ng tanim.

3Ang panahon ng pagpatay at panahon ng pagpapagaling; ang panahon ng paggiba at panahon ng pagtatayo.

4Ang panahon ng pagluha at panahon ng pagtawa; ang panahon ng pagluluksa at panahon ng pagdiriwang.

5Ang panahon ng pagkakalat ng mga bato at panahon ng pagtitipon sa mga ito; ang panahon ng pagyayakap at panahon ng paglalayo.

6Ang panahon ng paghahanap at panahon ng pagkawala niyon; ang panahon ng pag-iingat sa isang bagay at panahon ng pagtatapon.

7Ang panahon ng pagpunit at panahon ng pagtahi; ang panahon ng pagtahimik at panahon ng pagsasalita.

8Ang panahon ng pagmamahal at panahon ng pagkapoot; ang panahon ng digmaan at panahon ng kapayapaan.

9Ano ang mapapala ng tao sa kanyang pinagpaguran?

10Alam ko na ang itinakda ng Diyos sa tao.

11Iniangkop niya ang lahat ng bagay sa tamang kapanahunan. Ang tao'y binigyan niya ng pagnanasang alamin ang bukas ngunit hindi binigyan ng pagkaunawa sa ginawa ng Diyos mula sa pasimula hanggang sa wakas.

12Alam kong walang pinakamabuti sa tao kundi magpakaligaya at gawin ang pinakamabuti habang siya'y nabubuhay.

13Alam ko ring kaloob ng Diyos na ang tao'y kumain, uminom at pakinabangan ang bunga ng kanyang pinagpaguran.

14Alam kong mamamalagi ang lahat ng ginawa ng Diyos: wala nang kailangang idagdag, wala ring dapat bawasin. Gayon ang ginawa ng Diyos upang ang tao'y magkaroon ng takot sa kanya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Lahat ng nangyayari ngayon ay nangyari na noong una, gayon din ang magaganap pa. Paulit-ulit lamang ang mga pangyayari.

**Kawalan ng Katarungan**

16Nakita ko rin sa mundong ito na ang katarungan at pagiging matuwid ay nababahiran pa rin ng kasamaan.

17Sa loob-loob ko'y hahatulan ng Diyos ang masama at ang mabuti pagkat may itinakda siyang panahon para sa lahat ng bagay.

18Tungkol sa tao, naisip kong sila ay sinusubok ng Diyos upang ipakilalang ang tao ay tulad lamang ng mga hayop.

19Ang hantungan ng tao at ng hayop ay iisa; lahat ay mamamatay. Ang tao'y walang kaibahan sa hayop, sapagkat ang lahat ay walang kabuluhan.

20Iisa ang kauuwian: lahat ay buhat sa alabok at sa alabok din uuwi.

21Sino ang nakakatiyak kung ang kaluluwa ng tao ay aakyat sa itaas at ang kaluluwa ng hayop ay mahuhulog sa kalaliman?

22Kaya naisip kong walang pinakamabuti sa tao kundi pakinabangan ang kanyang pinagpaguran; ito ang ating bahagi. At sino ang makakapagsabi sa kanya kung ano ang mangyayari pagkamatay niya?

## Ang Mangangaral 4

1Iginala ko ang aking paningin sa buong daigdig, at nakita ko ang kawalan ng katarungan. Ang mga inaapi ay lumuluha ngunit walang tumulong sa kanila sapagkat makapangyarihan ang sumisiil sa kanila.

2Dahil dito, naisip kong mas mapalad ang mga patay kaysa sa mga buháy.

3Ngunit higit na mapalad ang mga hindi na isinilang sapagkat hindi na nila nakita ang kasamaan sa mundong ito.

4Nakita ko ring ang tao'y nagpapakapagod upang mahigitan ang kanyang kapwa. Ngunit ito man ay walang kabuluhan, tulad lang ng paghahabol sa hangin.

5Sinasabi nilang mangmang lamang ang maghahalukipkip ng kamay at magpapakamatay sa gutom.

6Ngunit mas mabuti pa ang isang dakot na may katahimikan, kaysa dalawang dakot ng pagpapakapagod, at paghahabol sa hangin.

7Mayroon pang ibang mga bagay sa mundong ito na nakita kong walang kabuluhan:

8ang isang taong nag-iisa sa buhay, walang kaibigan ni kamag-anak ngunit walang tigil sa pagtatrabaho. Wala siyang kasiyahan. Ni hindi niya itinatanong

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

sa sarili kung kanino mauuwi ang kanyang pinagpaguran. Ito man ay walang kabuluhan, isang miserableng pamumuhay.

9Ang dalawa ay mabuti kaysa isa; mas marami ang bunga ng anumang gagawin nila.

10Kapag nabuwal ang isa, maitatayo siya ng kanyang kasama. Kawawa ang nag-iisa sapagkat walang tutulong sa kanya kapag siya ay nabuwal.

11Kung malamig ang panahon, maaari silang magtabi sa higaan upang parehong mainitan. Ngunit saan siya kukuha ng init kung nag-iisa siya?

12Kung ang nag-iisa'y maaaring magtagumpay laban sa isa, lalo na ang dalawa. Ang lubid na may tatlong pilipit na hibla ay hindi agad malalagot.

13Ang isang batang mahirap ngunit matalino ay mabuting di hamak kaysa sa isang matandang haring mangmang na ayaw nang tumanggap ng payo.

14Ang batang iyon ay maaaring maging hari mula sa bilangguan o kahit siya'y ipinanganak na mahirap.

15Nakita ko rin na ang lahat ng tao sa mundong ito'y sumusunod sa isang kabataang papalit sa hari.

16Walang tigil ang pagdami ng taong nasasakupan ng isang hari ngunit pagkamatay niya, isa man ay walang pupuri sa lahat ng kanyang nagawa. Ito man ay walang kabuluhan, tulad lang ng paghahabol sa hangin.

## Ang Mangangaral 5

### Huwag Pabigla-bigla sa Pangako

1Mag-ingat ka sa pagpasok sa bahay ng Diyos. Ang pagsunod ay mabuti kaysa handog ng isang mangmang sapagkat hindi alam ng mangmang kung ano ang mabuti't masama.

2Huwag kang pabigla-bigla sa pananalangin. Isipin mo munang mabuti ang ipapangako mo sa kanya sapagkat nasa langit siya at ikaw ay nasa lupa. Mag-ingat ka sa pagsasalita.

3Ang panaginip ay bunga ng maraming alalahanin. Habang dumarami ang iyong sinasabi, lalong nanganganib na makapagsabi ka ng kamangmangan.

4Kung mangangako ka sa Diyos, tuparin ito agad; hindi siya nalulugod sa taong mangmang. Kaya tuparin mo ang iyong pangako sa kanya.

5Mabuti pang huwag ka nang mangako kaysa mangangako at hindi mo tutuparin.

6Huwag mong pabayaang magkasala ka dahil sa iyong pananalita, mangangako ka at pagkatapos ay babawiin mo. Sa ganyan galit na galit ang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Diyos. Kung magkagayon, hindi ka niya pagpapalain sa anumang iyong ginagawa.

7Kaya, gaano man kadalas ang iyong panaginip, gaano man karami ang walang kabuluhan mong salita at gawa, magkaroon ka ng takot sa Diyos.

**Ang Buhay ay Walang Kabuluhan**

8Huwag kang magtataka kung makita mong ang mahihirap ay inaapi ng mga nasa kapangyarihan. Alalahanin mong ganoon din ang ginagawa ng nakatataas sa kanila at bawat pinuno ay may nakasasakop ding mas mataas na pinuno.

9Sa isang lupaing puno ng kasaganaan, ang hari ang may pinakamainam na kalagayan.

10Ang gahaman sa salapi ay walang kasiyahan at ang sakim sa kayamanan ay hindi masisiyahan sa kaunting pakinabang. Ngunit ito man ay walang kabuluhan.

11Habang lumalaki ang kayamanan, dumarami ang pangangailangan at ang tanging kasiyahan ng may-ari ay ang isiping siya ay mayaman.

12Mahimbing ang tulog ng isang manggagawa, marami man o kaunti ang kanyang pagkain. Ngunit ang mayaman ay hindi man lamang dalawin ng antok.

13Ito ang isang nakakalungkot na pangyayari na nakita ko sa mundong ito: ang tao'y nag-iimpok para sa kinabukasan.

14Ngunit nauubos din sa masamang paraan kaya wala rin siyang maiiwan sa kanyang sambahayan.

15Kung paanong tayo'y walang dala nang isilang dito sa daigdig, wala rin tayong madadala pagpanaw natin. Wala tayong madadalang anuman sa ating pinagpaguran.

16Narito pa ang isang mahirap isipin: kung ano ang ayos nang tayo'y dumating, gayon din ang ayos sa ating pag-alis. Nagpapakapagod tayo ngunit wala ring napapala.

17Bukod dito, ang buhay natin ay laging may alinlangan; puno ng pagkabalisa, hinagpis, galit at karamdaman.

18Ito ang isang mabuting bagay na aking nakita: nararapat lamang na kumain, uminom, at pakinabangan ng isang tao ang bunga ng kanyang pinagpaguran sa mundong ito, sa maikling panahong ibinigay sa kanya ng Diyos; ito ang ating bahagi.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

[19]Ganoon din ang dapat gawin ng lahat ng niloob ng Diyos na yumaman: tanggapin ang kanilang bahagi at pakinabangan ang bunga ng kanyang pinagpaguran sapagkat ito ay kaloob ng Diyos.

[20]Sa gayon, hindi siya malulungkot kahit na maikli ang buhay niya sa daigdig sapagkat puno naman ito ng kasiyahan.

## Ang Mangangaral 6

### Walang Kabuluhan ang Kayamanan

[1]Narito ang isang kawalan ng katarungan na nagaganap sa mundo:

[2]Isang tao na binigyan ng Diyos ng malaking kayamanan, maraming ari-arian, at karangalan. Sa kasawiang-palad, hindi niloob ng Diyos na tamasahin niya ang kasiyahang dulot ng mga bagay na ito; bagkus ay iba ang nakinabang. Ito man ay walang kabuluhan at nagdudulot lamang ng sama ng loob.

[3]Mabuti pang di hamak ang sanggol na ipinanganak na patay kaysa isang taong nagkaanak ng 100 at nabuhay nang matagal ngunit hindi naranasan ang maging masaya at hindi pinarangalan nang siya ay ilibing.

[4]Wala ring kabuluhang matatamo ang isang sanggol kahit siya ipanganak sapagkat mamamatay din siya at malilimutan.

[5]Hindi nito nakita ang araw ni natikman ang mabuhay, ngunit mayroon naman siyang ganap na kapayapaan.

[6]Kaya mabuti pa siya nang hindi hamak kaysa isang taong nabuhay nang 2,000 taon ngunit di nakaranas ng kasiyahan. Hindi ba't iisa lang ang uuwian ng lahat?

[7]Nagpapakapagod ang tao para sa kanyang tiyan ngunit kailanma'y di siya nagkaroon ng kasiyahan.

[8]Ano ang kahigtan ng matalino sa mangmang? Ano ang mapapala ng isang mahirap kahit malaman niya ang pasikut-sikot ng buhay?

[9]Mabuti pa ay masiyahan sa anumang kalagayan kaysa mangarap nang di naman makakamtan. Ito man ay walang kabuluhan, tulad ng paghahabol sa hangin.

[10]Lahat ng nangyayari sa daigdig ay alam na noong una pa, at ang tao'y di makapananaig laban sa kapangyarihang higit sa kanya.

[11]Habang humahaba ang pagtatalo, lalo lang nawawalan ng kabuluhan; kaya paano masasabing nakahihigit ang isang tao sa kapwa?

[12]Sino ang nakaaalam kung ano ang mabuti sa taong nabubuhay sa maikling panahon at pagkatapos ay mawawalang tulad ng anino? Sino ang makakapagsabi kung ano ang mangyayari pagkamatay niya?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

## Ang Mangangaral 7

**Patungkol sa Buhay**

1Ang mabuting pangalan ay mas mahalaga kaysa mamahaling pabango; at ang araw ng kamatayan ay higit na mabuti kaysa araw ng kapanganakan.

2Mas mabuting pumunta sa bahay ng namatayan kaysa bahay na may handaan, pagkat dapat alalahanin ng buháy na siya man ay nakatakda ring mamatay.

3Ang kalungkutan ay mas mabuti kaysa katuwaan, pagkat maaaring malungkot ang mukha ngunit masaya ang kalooban.

4Mangmang ang isang taong nag-iisip ng kasayahan, ngunit matalino ang isang taong naghahanda para sa kanyang kamatayan.

5Mas mabuting makarinig ng saway ng matalino kaysa isang mangmang ang pupuri sa iyo.

6Ang halakhak ng mangmang ay tulad ng siklab ng apoy, walang kabuluhan.

7Ang matalinong nandadaya ay para na ring mangmang. Ang suhol ay sumisira sa dangal ng tao.

8Ang wakas ng isang bagay ay mas mainam kaysa pasimula. Ang pagtitiyaga ay mabuti kaysa kapalaluan.

9Pag-aralan mong magpigil sa sarili; mangmang lamang ang nagtatanim ng galit.

10Huwag mong itatanong kung bakit mabuti noong araw kaysa ngayon, pagkat iya'y tanong na walang katuturan.

11Ang taong nagtataglay ng karunungan ay higit na mainam kaysa minamanang kayamanan.

12Ang tulong na magagawa ng karunungan sa tao ay tulad ng magagawa ng salapi. Ang tao'y maililigtas ng kanyang karunungan, at ito ang kabutihan ng kaalaman.

13Pag-isipan mong mabuti ang ginawa ng Diyos. Sino ang makapagtutuwid sa binaluktot niya?

14Magalak ka kung mainam ang takbo ng lahat ng bagay. Sa panahon ng kahirapan ay isipin mong parehong ipinadadala ng Diyos ang kaligayahan at kahirapan. Sino ang nakakaalam kung ano ang mangyayari bukas?

15Sa loob ng maikling panahon ng aking pamumuhay, nakita ko ang lahat ng bagay. Nakita kong ang tao'y namamatay kahit siya mabuti, at may masamang nabubuhay nang matagal.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Huwag kayong magpapakabuti o magpapakatalino nang labis. Bakit mo pahihirapan ang iyong sarili?

17Ngunit huwag ka rin namang magpapakasama ni magpapakamangmang at baka mamatay ka nang wala sa panahon.

18Huwag kang magpapakalabis ng kabutihan o kasamaan. Sa anumang kalagayan mo, magtatagumpay ka kung may takot ka sa Diyos.

19Higit ang magagawa ng karunungan ng isang tao, kaysa magagawa ng sampung hari sa isang lunsod.

20Walang taong nabuhay sa daigdig na gumagawa ng mabuti at hindi nagkakasala.

21Huwag mong pakinggan ang lahat ng sasabihin sa iyo ng tao at baka kalaunan ay mismong alila mo ang humamak sa iyo;

22sapagkat alam mo sa iyong sarili kung gaano na karami ang iyong hinamak.

23Sa lahat ng bagay ay sinubok ko ang karunungan sa pag-aakalang ako'y matalino ngunit napatunayan kong hindi pala.

24Hindi natin matatarok ang kahulugan ng buhay. Napakahiwaga nito para natin maunawaan.

25Gayunpama'y nagpatuloy ako sa pagdidili-dili. Nagsuri akong mabuti at mataman kong siniyasat ang dahilan ng lahat ng bagay. Nalaman kong kamangmangan ang magpakasama at walang kabuluhan ang magpakamangmang.

26Natuklasan ko ang isang bagay na mas mapait kaysa kamatayan: ito'y walang iba kundi ang babae. Ang kanyang pag-ibig ay tulad ng bitag, at ang kanyang mga bisig ay tulad ng tanikala. Ang taong matuwid ay nakakaiwas rito ngunit naaalipin ang mga masama.

27Sinabi ng Mangangaral, “Pinag-ugnay-ugnay ko ang lahat ng bagay at ito ang aking natuklasan.

28Pagkatapos ng mataman ngunit bigong pagsisiyasat, natuklasan kong sa 1,000 lalaki, isa lamang ang matalino, at sa 1,000 babae, walang matalino kahit isa.

29Ito lamang ang natitiyak ko: ang tao'y nilikha ng Diyos sa kabutihan, ngunit ang tao'y nag-iisip ng kung anu-anong bagay.”

## Ang Mangangaral 8

1Sino ang ipapantay sa taong matalino na nakakasaliksik sa lahat ng bagay? Ang karunungan ay nagpapasaya sa mukha ng tao; pati ang matigas na anyo ng mukha ay nawawala.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

**Sundin ang Hari**

2Sundin mo ang utos ng hari, at huwag padalus-dalos sa pagbibitaw ng pangako sa Diyos.

3Lumayo ka sa harap ng hari at huwag mong ipagpipilitan ang anumang labag sa kalooban niya sapagkat maaari niyang gawin ang lahat ng magustuhan niya.

4Ang utos ng hari ay di mababali at walang makakatutol sa anumang gawin niya.

5Ang masunurin ay di mapapahamak at alam ng matalino kung ano ang dapat gawin, kung kailan, at kung paano dapat isagawa.

6May kanya-kanyang panahon at paraan para sa lahat ng bagay ngunit di natin ito lubusang nalalaman.

7Walang makakapagsabi kung ano ang maaaring mangyari at kung paano ito magaganap.

8Kung paanong di mapipigil ng tao ang hangin, gayon din hindi niya mapipigil ang pagdating ng kamatayan. Sa panahon ng digmaan, walang mapagtataguan; hindi tayo makakatakas.

9Lahat ng ito'y nakita ko habang pinagmamasdan ang mga pangyayari sa buong mundo, ang iba'y may kapangyarihan, at ang iba naman ay api-apihan.

10May nakita akong masasamang taong inilibing ngunit pag-uwi ng mga nakipaglibing ang masamang yaon ay pinupuri sa lugar na ginawan niya ng kasamaan. Ito man ay walang kabuluhan.

11Ang hatol sa kasamaan ay di agad iginagawad kaya naman ang tao'y nawiwili sa paggawa ng masama.

12Kung sabagay, daan-daan man ang kasamaang gawin ng masama ay wala ring mawawala sa taong nabubuhay nang matuwid pagkat siya'y may takot sa Diyos.

13Ngunit ang kasamaan ng masama ay di makakabuti sa kanya; mamumuhay silang parang anino at maaga silang mamamatay sapagkat hindi sila natatakot sa Diyos.

14Narito pa ang isang bagay sa ibabaw ng lupa na walang kabuluhan: ang kaparusahang para sana sa masama ay sa mabuti nangyayari at ang dapat namang mangyari sa mabuti ay sa masama nangyayari. Sa palagay ko, ito man ay walang kabuluhan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Kaya para sa akin, ang tao'y dapat magpakasaya sa buhay. Walang pinakamabuti kundi kumain, uminom at magsaya. Ito ay magagawa niya habang siya'y nabubuhay at nagpapakapagod sa mundong ito.

16Habang iniisip ko ang mga pangyayari sa daigdig, lalo akong naniniwalang kahit mag-isip nang mag-isip ang tao araw-gabi,

17hindi niya mauunawaan ang mga gawa ng Diyos. Kahit ano pa ang kanyang pagpaguran sa mundong ito, hindi niya ito mauunawaan. Maaaring ipalagay ng matalino na alam niya ang bagay na ito ngunit ang totoo'y wala siyang nalalaman.

## Ang Mangangaral 9

1Ang lahat ng ito'y pinag-aralan kong mabuti at nalaman kong lahat ng kilos ng matuwid at ng matalino ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos, maging pag-ibig o pagkapoot. Walang makakatiyak kung ano ang mangyayari sa araw ng bukas.

2Iisa ang kasasapitan ng lahat: ang nangyayari sa matuwid ay nangyayari rin sa di-matuwid, ganoon din sa mabuti at sa masama, sa malinis at sa marumi ayon sa Kautusan, sa naghahandog at sa hindi naghahandog. Ang nangyayari nga sa mabuti ay siya ring nangyayari sa masama. Walang pagkakaiba ang nangyayari sa marunong tumupad sa pangako at sa sumisira sa pangako.

3Ito nga ang isang masamang bagay na nangyayari sa buong mundo: iisa ang kinasasapitan ng lahat. Habang ang tao'y nabubuhay, panay kasamaan ang kanyang iniisip, at ang hantungan ay kamatayan.

4Ngunit habang nabubuhay ang tao ay di siya dapat mawalan ng pag-asa. Ang asong buháy ay mas mainam kaysa patay na leon.

5Alam ng buháy na siya'y mamamatay ngunit ang patay ay walang anumang nalalaman. Wala na silang pag-asa, at nakakalimutan nang lubusan.

6Nawawala pati kanilang pag-ibig, pagkapoot, at pagkainggit; anupa't wala silang namamalayan sa anumang nangyayari sa mundo.

7Sige, magpakasaya ka sa pagkain at pag-inom sapagkat iyon ay itinakda ng Diyos para sa iyo.

8Nawa'y lumigaya ka sa bawat oras.

9Magpakaligaya ka sa piling ng babaing iyong minamahal habang ikaw ay nabubuhay sa mundong ito sapagkat iyon ang iyong bahagi at bunga ng iyong pinagpaguran sa maikling buhay na ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Anuman ang ginagawa mo'y pagbuhusan mo ng iyong buong makakaya sapagkat sa daigdig ng mga patay na kasasadlakan mo ay wala kang gagawin, ni pag-iisipan man, ni pagbubuhusan ng kaalaman o karunungan.

11Ito pa ang isang bagay na napansin ko sa mundong ito: ang mabilis ay di siyang laging nananalo sa takbuhan ni ang malakas ay laging nagwawagi sa digmaan. Ang matatalino'y di laging nakakasumpong ng kanyang mga kailangan at di lahat ng marunong ay yumayaman. Napapansin ko rin na di lahat ng may kakayahan ay nagtatagumpay; lahat ay dinaratnan ng malas.

12Hindi alam ng tao kung kailan ang kanyang takdang oras. Siya'y tulad ng isdang nasusukluban ng lambat, at ibong nahuhuli sa bitag. Ang tao'y parang nahuhulog sa patibong sa biglang pagdating ng masamang pagkakataon.

13Narito pa ang isang halimbawa kung papaanong ang karunungan ay inuunawa sa mundong ito:

14Mayroong isang maliit na bayan na kakaunti ang mamamayan. Kinubkob ito ng isang hari. Nagpahanda siya ng lahat ng kailangan sa pagsalakay.

15Nagkataon na sa bayang yaon ay may isang mahirap ngunit matalinong tao na nakapag-isip ng paraan upang mailigtas ang nasabing bayan. Subalit pagkatapos, wala nang nakaalala sa kanya.

16Ang sinasabi ko, makapangyarihan ang karunungan kaysa lakas. Ngunit ang karunungan ng taong mahirap ay hindi pinahahalagahan at ang mga salita nito ay hindi pinapansin.

17Ang mahinang salita ng matalino ay mas may pakinabang kaysa sigaw ng hari sa gitna ng mga mangmang.

18Ang karunungan ay makapangyarihan kaysa sandata ngunit ang isang pagkakamali ay nagbubunga ng malaking pinsala.

## Ang Mangangaral 10

angaw. Ang bahagyang kamangmangan ay nakakasira sa karunungan at karangalan.

2Ang matalino'y inaakay ng kanyang isipan tungo sa kabutihan. Ngunit ang mangmang ay hinihila ng kanyang damdamin tungo sa kasamaan.

3Maging sa paglalakad ng mangmang ay nahahalata ang kanyang kahangalan. Nakikilala ng lahat na siya ay mangmang.

4Kung ang pinuno mo'y magalit sa iyo, huwag kang magbibitiw sa iyong tungkulin, sapagkat maging ang malaking pagkakamali ay mapapatawad kung ikaw ay magiging mahinahon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Ito pa ang isang di-makatuwirang nangyayari sa buong mundo, na may kinalaman sa pamumuno:

6Ang mga mangmang ay inilalagay sa matataas na tungkulin ngunit ang mayaman ay sa mababang uri ng gawain.

7Nakakita ako ng mga aliping nakasakay sa kabayo samantalang ang mga pinuno ay naglalakad.

8Ang nag-uumang ng bitag ay siya ring mahuhuli roon; ang lumulusot sa mga pader ay matutuklaw ng ahas.

9Ang nagtitibag ng bato ay malamang na mabagsakan nito. Ang nagpuputol ng troso ay nanganganib na madaganan niyon.

10Ang palakol ay pumupurol kapag hindi hinahasa. Ang mahusay na plano ay nakakatulong nang malaki sa pagtatagumpay.

11Walang kabuluhan ang kapangyarihan ng nagpapaamo ng ahas kung hindi gagamitin sa pagsaway nito.

12Ang mga salita ng matalino ay nag-aani ng karangalan, ngunit napapahamak ang mangmang dahil sa kanyang mga salita.

13Ang pangungusap ng mangmang ay nag-uumpisa sa kamangmangan, hanggang matapos, ito pa ri'y kamangmangan.

14Ang mangmang ay walang tigil sa pagyayabang. Ngunit sinong makakapagsabi ng susunod na pangyayari at ng magaganap kapag siya ay patay na?

15Ang pagpapagod ng mangmang ang nagpapahina sa kanya, at hindi man lamang niya alam ang daan papunta sa bayan niya.

16Kawawa ang lupain na ang hari'y isip bata, at ang mga pinuno'y mahilig sa handaan.

17Ngunit mapalad ang lupain na may haring matino at may mga pinunong nakakaalam kung kailan dapat magdiwang.

18Kung pabaya ang may-ari, ang bubong ay masisira; kung siya ay tamad, mawawasak ang buong bahay.

19Ang pagkain ay nagdudulot ng kasiyahan, at nagpapasaya sa buhay ang inumin. Ito'y mabibiling lahat ng salapi.

20Ni sa isip ay huwag susumpain ang inyong hari, ni sa pag-iisa'y huwag hamakin ang mayayaman pagkat may pakpak ang balita at may tainga ang lupa.

## Ang Mangangaral 11

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

**Ang mga Gawain ng Marunong**

1Maghagis ka ng tinapay sa gitna ng karagatan at may mapapakinabangan ka pagdating ng araw.

2Hatiin sa pito, sa walo ang kalakal mo pagkat di mo masisiguro kung ano ang kasamaang mangyayari sa mundo.

3Kapag ang ulap ay maitim na't di makaya ang hangin, nagiging ulan itong bumubuhos sa daigdig. Kung saan nakahapay ang punongkahoy ay doon ito mabubuwal.

4Ang naghihintay sa pagtigil ng hangin ay di-kailanman makapaghahasik ng kanyang binhi. At ang nag-aalala sa patak ng ulan ay di makapag-aani.

5Kung hindi mo maaaring malaman kung paanong ang hininga ay pumapasok sa katawan ng isang sanggol na nasa sinapupunan ng kanyang ina, lalong hindi maaabot ng isip mo kung paano ginagawa ng Diyos ang lahat ng bagay.

6Sa umaga, inihahasik mo ang iyong binhi. Hindi ka tumitigil sa paggawa hanggang gabi sapagkat di mo tiyak kung alin ang magbibigay sa iyo ng tagumpay. O kaya'y umaasa kang lahat ay iyong papakinabangan.

7Masarap ang nasa liwanag at kay gandang pagmasdan ang araw.

8Kung ang tao'y mabubuhay nang matagal, dapat niyang ikagalak iyon. Ngunit alalahanin niyang ang darating na panahon ng kadiliman ay mas mahaba. Lahat ng mangyayari ay walang kabuluhan.

9Magalak ka binata sa panahon ng iyong kabataan. Gawin mo ang gusto mo at lahat ng kaakit-akit sa paningin mo. Ngunit tandaan mong ang lahat ng ito'y iyong ipagsusulit sa Diyos.

10Iwaksi mo ang alalahanin at mga kabalisahan; ang kabataan at kasibulan ay pawang walang kabuluhan.

## Ang Mangangaral 12

1Alalahanin mo ang iyong Manlilikha sa panahon ng iyong kabataan bago dumating ang mga araw at taon na puno ng kaguluhan, panahong hindi mo na madama ang tamis ng mabuhay.

2Alalahanin mo ang Diyos bago makubli ang sikat ng araw, bago magdilim ang buwan at mga bituin, bago ka matabunan ng makapal at madilim na ulap.

3Alalahanin mo siya bago humina ang iyong katawan, bago manghina ang iyong mga bisig, bago mawalan ng lakas ang iyong mga tuhod. Alalahanin mo siya bago mabungi ang iyong mga ngipin at bago lumabo ang iyong mga mata.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Alalahanin mo nga siya bago dumating ang panahon na sarado na ang mga pintuan at tumigil na ang tunog ng gilingan; bago dumating ang panahon na madali kang magising sa himig ng mga ibon, o ang tunog ng awitin ay tuluyan ng tumigil.

5Alalahanin mo siya bago dumating ang panahong katatakutan mong umakyat sa mataas na lugar, bago dumating ang panahong di ka na makalakad na mag-isa, bago pumuti ang iyong buhok, at lipasan ng pagnanasang sumiping sa minamahal. Darating ang araw na tayo'y pupunta sa huli nating hantungan at marami ang tatangis sa lansangan.

6Darating ang araw na malalagot ang tanikalang pilak na nagdadala sa ilawang ginto; babagsak ito at madudurog. Darating din ang araw na malalagot ang tali ng timba at ito'y babagsak at masisira.

7Alalahanin mo siya bago manumbalik sa alabok ang ating katawang lupa at ang ating hininga ay magbalik sa Diyos na may bigay nito.

8“Napakawalang kabuluhan! Lahat ay napakawalang kabuluhan,” sabi ng Mangangaral.

9Lahat ng nalalaman ng Mangangaral ay itinuro niya sa mga tao. Pinag-aralan niyang mabuti ang mga kasabihan at sinubok kung ito'y totoo.

10Pinipili niya ang mga salitang magdudulot ng kasiyahan at isinusulat ang katotohanan.

11Ang mga salita ng matalino ay matulis na tulad ng tungkod na pantaboy ng kawan, tulad ng matulis na pakong nakabaon pagkat buhat sa tanging pastol nating lahat.

12Anak ko, mag-ingat ka sa mga bagay na wala rito. Hindi matitigil ang paggawa ng iba't ibang aklat, at ang labis na pag-aaral ay pahirap sa katawan.

13Sa kabila ng lahat ng ito, isa lamang ang aking masasabi: Matakot ka sa Diyos at sundin mo ang kanyang mga utos sapagkat ito ang buong katungkulan ng tao.

14Lahat ng gawin natin, hayag man o lihim, mabuti o masama ay ipagsusulit natin sa Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

## Ang Awit ni Solomon 1

1Ito ang pinakamagandang awit ni Solomon:

**Ang Unang Awit**
***Babae:***

2Akong ito'y pinupupog, sinisiil mo ng halik; ang dulot ng pag-ibig mo'y mainam pa sa alak.

3Ang taglay mong halimuyak, saan kaya itutulad? Simbango ng pangalan mong ang samyo'y malaganap, kaya lahat ng dalaga ay iyo ngang nabibihag.

4Ako ngayon ay narito, isama mo kahit saan, at ako ay iyong dalhin sa silid mong pahingahan. Tiyak akong liligaya ngayong ikaw ay narito, ang nais ko ay madama ang alab ng pag-ibig mo; pagsinta mo'y mas gusto ko kaysa alinmang inumin; hindi ako nagkamali na ikaw nga ang ibigin.

5Dalaga sa Jerusalem, ang ganda ko'y kayumanggi; katulad ko'y mga toldang sa Kedar pa niyayari, tulad ko ri'y mga tabing sa palasyo ng hari.

6Huwag akong hahamakin nang dahil sa aking kulay, pagkat itong aking balat ay nasunog lang sa araw. Itong mga kapatid ko'y hindi ako kinalugdan, nagkaisa silang ako'y pagbantayin ng ubasan. Pinagyama't sininop ko ang nasabing pataniman, anupa't ang sarili ay kusa kong napabayaan.

7Itong aking pakiusap, O giliw kong minamahal, sa akin ay sabihin mo, pastulan ng iyong kawan; sa init ng katanghalian, pahingahan nila'y saan? Sa akin ay ituro mo nang ako ay di maligaw.

***Mangingibig:***

8Kung nais mong malaman, O babaing napakaganda, ang dapat lang na gawin mo ay sundan ang mga tupa. Ang kawan ng mga kambing ay doon mo alagaan sa tabi ng mga tolda ng pastol ng aking kawan.

9Saan ko ba itutulad ang gayuma mo, aking hirang? Sa kabayo ng Faraon, anong ganda kung pagmasdan!

10Mga pisnging malalambot, may balani, may pang-akit, na lalo pang pinaganda ng pahiyas na naglawit. Ang nililok na leeg mo, kung masdan ko'y anong rikit, lalo na nga kung may kuwintas na doon ay nakasabit.

11Ika'y aming igagawa ng kuwintas na gintong lantay, palamuting ikakabit ay pilak na dinalisay.

***Babae:***

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[12]Habang siya'y nakahimlay, tila hari ang katulad, ako nama'y magsasabog ng mabangong halimuyak.

[13]Ang samyo ng aking mahal ay katulad nitong mira, habang siya sa dibdib ko'y nakahilig na masaya.

[14]Ang kawangis ng mahal ko'y isang kumpol ng bulaklak sa ubasan ng En-gedi, magiliw kong pinamitas.

***Mangingibig:***

[15]Maganda ka, aking sinta, ang mata mo'y mapupungay, nagniningning, nang-aakit habang aking minamasdan.

***Babae:***

[16]Makisig ka, aking mahal, anong kisig, anong inam, magiging himlayan nati'y laging kulay na luntian.

[17]At sedar ang siyang biga nitong ating tatahanan, mga kisame ay pinong pili, kahoy na talagang maiinam.

## Ang Awit ni Solomon 2

[1]Isa lamang akong rosas na sa Saron ay naligaw sa libis nitong bundok, isang ligaw na halaman.

***Mangingibig:***

[2]Katulad mo'y isang liryo sa gitna ng kasukalan, namumukod ka sa lahat, bukod-tangi, aking hirang.

***Babae:***

[3]Sa gitna ng kagubatan katulad niya ay mansanas, sa lahat ng mga tao, siya'y walang makatulad; ako'y laging nananabik sa lilim niya'y manatili, ang tamis ng bunga niya kung kanin ko'y anong sarap.

[4]Nang ako ay kanyang dalhin sa sagana niyang hapag, sa piling niya'y nadama ko ang pag-ibig niyang tapat.

[5]Ako'y kanyang pinakain ng sariwang mga ubas, at magiliw na binusog ng matamis na mansanas; dahil aking puso'y uhaw sa pagsinta mong wagas.

[6]Ang kaliwa niyang bisig ang siya kong inuunan, habang ako'y hinahaplos ng kanan niyang kamay.

[7]Ipangako n'yo sa akin, mga dalaga sa Jerusalem, sa ngalan ng mga usa't mga hayop na matutulin, ang aming paglalambingan ay di n'yo gagambalain.

**Ang Ikalawang Awit**
***Babae:***

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Ang tinig ng aking mahal ay akin nang naririnig, mga gulod, tinatahak upang ako'y makaniig.

9Itong aking mangingibig ay tulad ng isang usa, mabilis kung kumilos, ang katawan ay masigla. Sa tabi ng aming pader, naroroon lagi siya, sumisilip sa bintana upang ako ay makita.

10Ang mahal ko ay nangusap at ganito ang sinabi:

***Mangingibig:***

Sa akin ay sumama ka, halika na, aking mahal.

11Lumipas na ang taglamig sa buong lupain at ang tag-ulan ay natapos na rin.

12Bulaklak sa kaparangan tingna't namumukadkad, ito na nga ang panahon upang tayo ay magsaya, sa bukid, ang mga ibo'y masayang umaawit.

13Ang mga puno ng igos, hinog na ang bunga, at ang mga punong ubas, sa bulaklak ay hitik na. Tayo na nga aking mahal, sa akin ay sumama ka.

14Ika'y parang kalapati, nagkukubli sa batuhan, halika at ang ganda mo ay nais kong mapagmasdan, at nang akin ding marinig ang tinig mong gintuan.

15Asong-gubat ay hulihin, maninira ng ubasan, baka pumasok sa ating namumulaklak na ubasan.

***Babae:***

16Mangingibig ko ay akin at ako nama'y kanya, sa gitna ng mga liryo, kumakain ang kawan niya.

17Hanggang dilim ay maparam, ganito ang ginagawa, sa pag-ihip ng amihang umaga ang siyang badya. Magbalik ka, aking sinta magmadali ka, aking mahal tulad ng pagtakbo ng usa sa kaburulan.

## Ang Awit ni Solomon 3

1Gabi-gabi, sa higaan ang mahal ko'y hinahanap, ngunit hindi masumpungan kahit na sa pangarap.

2Akong ito'y bumabangon, sa lunsod ay naglalakad, ang lansangan sa paligid ay aking ginagalugad; ngunit hindi matagpuan ang sinta kong nililiyag.

3Sa akin ngang paglalakad, nakita ko'y mga bantay, nagmamanman, naglilibot, sa paligid, sa lansangan. Sa kanila ang tanong ko, “Mahal ko ba ay nasaan?”

4Nang aking iwan ang nasabing mga tanod, bigla na lang nakita ang mahal kong iniirog. Siya'y aking hinawakan at hindi na binitiwan, hanggang siya'y madala ko sa bahay kong sinilangan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Ipangako ninyo sa akin, mga dalaga sa Jerusalem sa ngalan ng mga usa at hayop na matutulin, ang aming paglalambingan ay di n'yo gagambalain.

**Ang Ikatlong Awit**
***Babae:***

6Ano itong nakikitang nagmumula sa kaparangan? Wari'y pumapailanlang usok ng mira at kamanyang, na ang samyo ay katulad ng pabangong ubod mahal.

7Dumarating si Solomon, sa trono niya'y nakaupo, ang kasamang mga bantay ay mayroong animnapu, pangunahing mga kawal, matatapang, matipuno.

8Bawat isa ay may tabak at bihasa sa digmaan, nagbabantay kahit gabi, nakahanda sa paglaban.

9Ang magandang trono nitong haring si Solomon, pawang yari sa piling kahoy ng Lebanon.

10Ang lahat ng tukod nito'y nababalutan ng pilak, ang habong naman nito'y may palamuting gintong payak, iyon namang mga kutson, kulay ube ang nakabalot; mga dalaga sa Jerusalem ang humabi at naggayak.

11Mga dilag nitong Zion, masdan ninyo si Haring Solomon, nagputong ng korona niya ay ang kanyang inang mahal sa oras ng pagdiriwang, sa oras ng kanyang kasal.

## Ang Awit ni Solomon 4

***Mangingibig:***

1Kay ganda mo, aking mahal, ang mata mo'y mapupungay! Ang buhok mong anong haba, pagkilos mo'y nagsasayaw parang kawan na naglalaro sa bundok ng Gilead.

2Ang ngipin mo ay simputi nitong tupang bagong linis, walang bungi kahit isa, maganda ang pagkaparis.

3Ang labi mo'y pulang-pula katulad ng escarlata, kapag ika'y nangungusap lalo itong gumaganda, aninag sa iyong belo ang pisngi mong namumula.

4Ang leeg mo'y ubod kinis, may kuwintas na kay inam, parang tore ni David, na ligid ng mga kawal.

5Parang usang magkaparis ang malusog na dibdib mo, masayang kumakain sa gitna ng mga liryo.

6Hanggang sa dumating ang bukang-liwayway, hanggang sa mapawi ang pusikit na karimlan, sa dibdib mong ubod bango ako ay hihimlay, pagkat ito ay simbango ng mira at ng kamanyang.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Kay ganda mo, aking sinta; kay ganda mo, aking mahal. Wala akong maipintas sa taglay mong kagandahan.

8Halika na, aking mahal, sa akin ay sumama ka, lisanin na natin ang Lebanon at ang Bundok ng Amana, iwan mo na ang Bundok ng Senir at ng Hermon, ang taguan niyong mga leopardo at mga leon.

9Aking mahal, aking sinta, ang puso ko ay nabihag, ng mata mong mapang-akit at leeg mo na may kuwintas.

10Aking mahal, aking sinta, kay tamis ng iyong pag-ibig, alak man na ubod-tamis, sa iyo'y di maipaparis, halimuyak ng bango mo ay walang makakatalo.

11Ang labi mo, aking hirang, sintamis ng mga pulot, ang dila mo'y waring gatas, ligaya ang siyang dulot, ang bango ng Lebanon ay tila nasa iyong suot.

12Katulad ng isang hardin itong aking minamahal, na may bakod sa palibot at sarili ang bukal.

13Halaman ay magaganda, waring hardin ng granada, namumukod, natatangi ang kanyang mga bunga— mahalimuyak ang mga nardo, mababango ang hena.

14Nardo at safron, mabangong kanela at kalamo, at lahat ng punongkahoy ay may samyo ng insenso, mira, at aloe na pangunahing pabango.

15Ang tubig na ginagamit na pandilig nitong hardin, ay ang agos ng tubig na sa Lebanon pa nanggagaling.

***Babae:***

16Umihip ka hanging timog, sa hilaga ay gayon din, nang masamyo ko ang bango na buhat sa aking hardin. Hayaang ang aking sinta'y magpunta sa hardin niya, upang pumitas at kumain ng mga bunga.

## Ang Awit ni Solomon 5

***Mangingibig:***

1Nasa hardin ako ngayon, aking mahal, aking sinta, at ako ay nangunguha ng balsamo at ng mira. Nilalasap ko ang tamis nitong pulot ng pukyutan, iniinom ko ang gatas at alak na malinamnam.

***Mga Babae:***

Kumain na at uminom, kayong mga mangingibig, hanggang kayo ay malango sa tamis ng pag-ibig.

**Ang Ikaapat na Awit**
***Babae:***

2Kahit na nga sa pangarap kung ako ay natutulog, naririnig ang mahal ko, sa pintua'y kumakatok.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

***Mangingibig:***

"Ako'y iyong papasukin, aking mahal, aking sinta, na tulad ng kalapati, ubod linis at maganda, basang-basa ang ulo ko nitong hamog sa umaga."

***Babae:***

3Muli pa bang magbibihis, gayong ako'y naghubad na? Akin bang dudumhan muli, nahugasan nang mga paa?

4Nang hawakan ng mahal ko ang susian nitong pinto, damdamin ko ay sumigla, lumundag ang aking puso.

5Ako ay bumangon upang siya ay pagbuksan, binasâ ko ng mira itong aking mga kamay, at ako ay lumapit sa pinto ng aming bahay.

6Ngunit nang siya'y pagbuksan ko, hindi ko na inabutan. Hinanap ko nang hinanap ngunit hindi natagpuan. Sa laki ng pananabik na tinig niya'y mapakinggan, tinawag ko nang tinawag ngunit walang kasagutan.

7Ang mahal ko ay hinanap, di tumigil, di naglubay, hanggang ako ay mahuli, mga tanod nitong bayan. Hinagupit nila ako, walang awang sinugatan, balabal ko ay hinatak, pinunit pa at ginutay.

8Mga dilag ng Jerusalem, ipangako ninyo sa akin kung mahal ko ay makita sa kanya sana'y sabihin, "Iyong sinta'y nanghihina, pag-ibig mo'y hanap niya."

***Mga Babae:***

9O babaing napakaganda, bakit di mo ilarawan hinahanap mong lalaki na sabi mo'y iyong mahal? Sa amin ay sabihin mo kaiba niyang katangian, na dahilan ng bilin mo't mahigpit na panambitan.

***Babae:***

10Ang irog ko ay makisig, matipuno ang katawan, sa sanlibo ay siya lang ang may gayong katangian.

11Alun-alon ang buhok niya, mahaba at nangingintab mahal pa iyon kaysa ginto, kulay uwak ang katulad.

12Mata niya'y mapupungay parang ibon sa may batis, kalapati ang katulad at gatas pa ang panlinis.

13Ang kanyang mga pisngi'y simbango ng isang hardin, mga labi'y parang liryo, nakasasabik na simsimin.

14Kamay niya ay maganda, O kay inam na pagmasdan, suot niyang mga singsing, bato nito'y ubod mahal. Wari'y garing ang katulad ng buo niyang katawan, naliligid ng pahiyas na safirong makikinang.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Mga hita niya at binti'y marmol ang kabagay, ang mga patungan ay gintong dalisay, parang Bundok ng Lebanon, na makapigil hininga, kung baga sa mga kahoy, mga sedar ang kagaya.

16Mga labi ay maalab, matamis kung humalik buo niyang katauhan, sadyang kaakit-akit. Iyan ang ayos at larawan nitong aking iniibig.

## Ang Awit ni Solomon 6

***Mga Babae:***

1O babaing napakaganda, giliw mo'y saan ba nagpunta? Ika'y aming tutulungan sa paghanap mo sa kanya.

***Babae:***

2Ang mahal kong kasintahan ay nagpunta do'n sa hardin, sa hardin na ang halama'y mababangong mga tanim upang kawan ay bantayan at ang liryo ay pitasin.

3Ang irog ko'y akin lamang, at sa kanya naman ako; sa kanya na nagpapastol ng kawan sa mga liryo.

**Ang Ikalimang Awit**
***Mangingibig:***

4Katulad ng Jerusalem ang ganda mong tinataglay, tila Tirzang may pang-akit ang iyong kagandahan.

5Sa aki'y huwag mong ititig ang mata mong mapupungay, pagkat ako'y nabibihag, hindi ako mapalagay. Ang buhok mong anong haba, pagkilos mo'y sumasayaw parang kawan na naglalaro sa bundok ng Gilead.

6Ang ngipin mo'y kasimputi nitong tupang bagong linis, walang kulang kahit isa, maganda ang pagkaparis.

7Ang ganda mo'y di magawang maitago nang lubusan nasisinag sa belo mo kagandahang tinataglay.

8Ang reyna ko'y animnapu, walumpu ang kalaguyo; bukod doo'y marami pang di mabilang na kasuyo.

9Ngunit ang tangi kong mahal ay iisa lamang, kalapati ang katulad ng taglay niyang kagandahan. Nag-iisa siyang anak ng ina niyang minamahal, kaya siya'y mahal nito nang higit sa kaninuman. “Tunay na siya ay mapalad,” mga dalaga'y nagsasabi mga reyna't kalaguyo sa kanya ay pumupuri.

10“Sino itong sa tingin ko ay tila bukang-liwayway, kasingganda ng buwan, kasing ningning nitong araw?”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Ang hardin ng almendra ay akin nang pinuntahan upang tingnan sa libis, bagong sibol na halaman. Pati ang mga ubas, baka nais nang magbunga, at saka ang mga puno nitong kahoy na granada.

12Kay laki ng pananabik na ikaw ay makatalik; katulad ko'y mandirigma, labanan ang siyang nais.

***Mga Babae:***

13Magsayaw ka, magsayaw ka, O babaing Sulamita, upang ika'y mapagmasdan, O dalagang sakdal ganda.

***Babae:***

Ano't inyong ninanais na masdan ang Sulamita, na tulad ng mananayaw sa panahon noong una?

## Ang Awit ni Solomon 7

***Mangingibig:***

1Ang paa mong makikinis, O babaing tila reyna, ang hugis ng iyong hita, isang obra maestra.

2Ang pusod mo'y anong rikit, mabilog na tila kopa, laging puno niyong alak na matamis ang lasa. Balakang mo'y mapang-akit, bigkis-trigo ang kapara, ang paligid ay tulad ng mga liryong kay gaganda.

3Ang iyong dibdib, O giliw, parang kambal na usa, punung-puno pa ng buhay, malulusog, masisigla.

4Ang leeg mo ay katulad ng toreng gawa sa marmol, mga mata'y nagniningning, parang bukal sa may Hesbon. Ilong mo ay ubod ganda, parang tore ng Lebanon, mataas na nakabantay sa may Lunsod ng Damasco.

5Para bang Bundok ng Carmel, ulo mong napakaganda, ang buhok mong tinirintas, kasingganda ng purpura, kaya naman pati hari'y nabihag mo't nahalina.

6Kay ganda mo, aking mahal; kay ganda mo, aking sinta, sa akin ay nagdudulot ka ng galak at ligaya.

7Kay hinhin ng iyong kilos tulad ng punong palmera, ang dibdib mong ubod yaman ay tulad ng buwig niya.

8Puno niya'y aakyatin upang bunga ay pitasin. Sa tingin ko ang dibdib mo'y buwig ng ubas ang kahambing, hininga mo ay mabango, mansanas nga ang katuring.

9Ang tamis ng iyong labi ay katulad ng inumin, dahan-dahang tumatalab habang ito'y sinisimsim.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

***Babae:***

10Itong buhay na taglay ko'y sa sinta ko nakalaan, sa akin siya'y nananabik, lagi akong inaasam.

11Halika na, aking mahal, tayo na ro'n sa may parang, ang gabi ay palipasing magkasalo sa ubasan.

12At pagdating ng umaga, isa-isa nating tingnan kung ang puno'y nagsusupling, bulaklak ay lumilitaw; ganoon din ang granada, tingnan natin ang bulaklak, at doon ay lasapin mo ang pag-ibig kong matapat.

13Ang halaman ng mondragora ay iyo ngang masasamyo, bungangkahoy na masarap ay naroon sa ating pinto, ito'y aking inihanda, inilaan ko sa iyo, at lahat ng kaaliwan, maging luma maging bago.

## Ang Awit ni Solomon 8

1Bakit kaya ika'y hindi naging isa kong kapatid? Inaruga ng ina ko, lumaki sa kanyang dibdib, upang kahit sa lansangan, kung sa iyo ay humalik ay di tayo papansinin, pagkat tayo'y magkapatid.

2Sa bahay ng aking ina ikaw ay aking dadalhin upang doon ituro at ipadama ang paggiliw, dudulutan ka ng alak, ng masarap na inumin.

3Sa kaliwa niyang kamay ang ulo ko'y nakaunan habang ako'y hinahaplos ng kanan niyang kamay.

4Ipangako n'yo sa akin, mga dalaga sa Jerusalem, ang aming paglalambingan ay di n'yo gagambalain.

**Ang Ikaanim na Awit**
***Mga Babae:***

5Sino itong dumarating na buhat sa kaparangan, hawak-hawak pa ang kamay ng kanyang minamahal?

***Babae:***

Sa puno ng mansanas, ikaw ay aking ginising, doon mismo sa lugar na iyong sinilangan.

6Kaya ako'y mahalin mo, sa bisig mo ay ikulong. O kay lakas ng pag-ibig, panibugho man ay gayon; sinlakas ng kamatayan, tumutupok, parang apoy.

7Kahit baha ay di kayang pigilin itong paggiliw, buhusan man nitong tubig, di makuhang palamigin. Subukin mong ang pag-ibig ay sa yaman mo daanin, baka nga ang mangyari ay ikaw pa ang siyang kutyain.

***Mga Lalaking Kapatid ng Babae:***

8Kami ay mayro'ng kapatid, dibdib niya ay maliit, ano kayang dapat gawin kung sa kanya'y may umibig?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Kung pader lang sana siya, toreng pilak ay lalagyan, at kung pintuan lamang siya, tablang sedar, ay lalagyan.

***Babae:***

10Ako'y isang batong muog, dibdib ko ang siyang tore; sa piling ng aking mahal ay panatag ang sarili.

***Mangingibig:***

11May ubasan si Solomon sa dako ng Baal-hamon, mga taong tumitingin, magsasakang tagaroon; buwis nila'y libong pilak, bawat isa taun-taon.

12Kung si Haring Solomon ay mayroong libong pilak at ang mga magsasaka'y may dalawandaang hawak, ako naman ay mayroong taniman ng mga ubasan.

13Bawat isang kasama ko'y malaon nang nananabik, na magmula ro'n sa hardin, ang tinig mo ay marinig.

***Babae:***

14Halika na aking sinta, madali aking mahal, tulad ng pagtakbo ng usa sa kaburulan na punung-puno ng mababangong halaman.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Isaias

## Isaias 1

1Ang aklat na ito ay naglalaman ng pangitain ni Isaias na anak ni Amoz
tungkol sa Juda at sa Jerusalem noong panahon ng paghahari sa Juda nina
Uzias, Jotam, Ahaz at Hezekias.

### Sumbat sa Bayan ng Diyos

2Makinig ang kalangitan gayundin ang kalupaan, sapagkat si Yahweh ay
nagsasalita, "Pinalaki ko't inalagaan ang aking mga anak, ngunit naghimagsik
sila laban sa akin.

3Nakikilala ng baka ang kanyang panginoon, at ng asno kung saan siya
pinapakain ng kanyang amo; ngunit hindi ako nakikilala ng Israel, hindi ako
nauunawaan ng aking bayan."

4Bansang makasalanan, mga taong puno ng kasamaan, mga anak ng
masasamang tao, mga anak ng katiwalian! Itinakwil ninyo si Yahweh, nilait
ang Banal na Diyos ng Israel at pagkatapos ay tinalikuran ninyo siya.

5Bakit patuloy kayong naghihimagsik? Nais ba ninyong laging
pinaparusahan? Ang isip ninyo'y gulung-gulo, ang damdamin ninyo'y
nanlulumo.

6Kayo'y punô ng karamdaman mula ulo hanggang paa; katawan ninyo'y
tadtad ng pasa, latay, at dumudugong sugat. Ang mga ito'y nagnanaknak na
at wala pang benda, at wala man lamang gamot na mailagay.

7Sinalanta ang inyong bayan, tupok ang inyong mga lunsod, sinamsam ng
mga dayuhan ang inyong mga lupain, at winasak ang mga ito sa inyong
harapan.

8Ang Jerusalem lang ang natira, parang kubong iniwan sa gitna ng ubasan,
parang isang silungan sa gitna ng taniman ng pipino, parang isang lunsod na
kinukubkob ng kalaban.

9Kung si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ay hindi nagtira ng ilan sa
ating lahi, tayo sana'y natulad sa Sodoma at Gomorra.

10Mga pinuno ng Israel, pakinggan ninyo si Yahweh! Ang inyong mga gawa
ay kasinsama ng sa Sodoma at Gomorra. Kaya't pakinggan ninyo at pag-
aralan ang katuruan ng Diyos ng ating bayan.

11"Walang halaga sa akin ang dami ng inyong mga handog. Sawa na ako sa
mga tupang sinusunog at sa taba ng bakang inyong inihahandog; hindi ako
nalulugod sa dugo ng mga toro, mga kordero at mga kambing.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Sinong nag-utos sa inyo na maghandog sa harap ko? Huwag na ninyong lapastanganin ang aking templo.

13Huwag na kayong magdala ng mga handog na walang halaga; nasusuklam ako sa usok ng insenso. Nababagot na ako sa inyong mga pagtitipon, kung Pista ng Bagong Buwan at Araw ng Pamamahinga; ang mga ito'y walang saysay dahil sa inyong mga kasalanan.

14“Labis akong nasusuklam sa inyong pagdiriwang ng Pista ng Bagong Buwan at ng iba pang kapistahan; sawang-sawa na ako sa mga iyan at hindi ko na matatagalan.

15Kapag kayo'y nanalangin sa akin, hindi ko kayo papansinin; kahit na kayo'y manalangin nang manalangin, hindi ko kayo papakinggan sapagkat marami na ang inyong pinaslang.

16Linisin ninyo ang inyong sarili at magbalik-loob sa akin; sa aking harapan, kasamaan ninyo'y inyong tigilan.

17Pag-aralan ninyong gumawa ng makatuwiran; pairalin ang katarungan; tulungan ang naaapi; ipagtanggol ninyo ang mga ulila, at tulungan ang mga biyuda.

18“Halikayo at tayo'y magpaliwanagan,” sabi ni Yahweh. Gaano man kapula ang inyong mga kasalanan, kayo'y aking papuputiin, tulad ng yelo o bulak.

19Kung susundin ninyo ang aking sinasabi, tatamasahin ninyo ang ani ng inyong lupain.

20Ngunit kung susuway kayo at maghihimagsik, tiyak na kayo'y mamamatay. Ito ang mensahe ni Yahweh.

**Ang Makasalanang Lunsod**

21“Ang Jerusalem na dating tapat sa akin, ngayo'y naging isang masamang babae. Dati'y puspos siya ng katarungan at katuwiran! Ngayon nama'y tirahan na ng mga mamamatay-tao.

22Ang iyong pilak ay naging bato, nahaluan ng tubig ang iyong alak.

23Naging suwail ang iyong mga pinuno, kasabwat sila ng mga magnanakaw; tumatanggap ng mga suhol at mga regalo; hindi ipinagtatanggol ang mga ulila; at walang malasakit sa mga biyuda.”

24Kaya sinabi ng Panginoong Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel, “Ibubuhos ko ang aking poot sa aking mga kaaway, maghihiganti ako sa aking mga kalaban!

25Paparusahan kita at lilinisin, gaya ng pilak na pinadadaan sa apoy at tinutunaw upang dumalisay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Bibigyan kita uli ng mga tagapamahalang tulad noong una, at ng mga tagapayo gaya noong simula, pagkatapos ay tatawagin kang Lunsod ng Katuwiran, ang Lunsod na Matapat.”

27Maliligtas ang Zion sa pamamagitan ng katarungan, at kayong nagsisisi at nagbabalik-loob.

28Mapupuksang lahat ang mga suwail at makasalanan, malilipol ang mga tumalikod kay Yahweh.

29Mapapahiya kayo dahil sa mga punongkahoy na inyong sinamba, at sa mga halamanang itinuring ninyong banal.

30Makakatulad ninyo'y mga nalalagas na dahon ng puno at halamanang hindi na nadidilig.

31Ang malalakas na tao'y matutulad sa mga tuyong kahoy, mga gawa nila'y madaling magliliyab, parehong matutupok, sa apoy na walang makakapigil.

## Isaias 2

### Kapayapaang Walang Hanggan

(Mik. 4:1-3)

1Ito ang pangitain ni Isaias na anak ni Amoz tungkol sa Juda at sa Jerusalem:

2Sa mga darating na araw, ang bundok na kinatatayuan ng Templo ni Yahweh ang magiging pinakamataas sa lahat ng bundok, at mamumukod sa lahat ng burol, daragsa sa kanya ang lahat ng bansa.

3Maraming tao ang darating at sasabihin ang ganito: “Umakyat tayo sa bundok ni Yahweh, sa Templo ng Diyos ni Jacob, upang maituro niya sa atin ang kanyang mga daan; at matuto tayong lumakad sa kanyang mga landas. Sapagkat sa Zion magmumula ang kautusan, at sa Jerusalem, ang salita ni Yahweh.”

4Siya ang mamamagitan sa mga bansa at magpapairal ng katarungan sa lahat ng mga tao; kaya't gagawin na nilang araro ang kanilang mga tabak, at karit naman ang kanilang mga sibat. Mga bansa'y di na mag-aaway at sa pakikidigma'y di na magsasanay.

5Halina kayo, sambahayan ni Jacob, lumakad tayo sa liwanag ni Yahweh.

### Wawakasan ang Kapalaluan

6Itinakwil mo ang lahi ni Jacob na iyong bayan, sapagkat ang lupain ay punô ng mga salamangkero mula sa silangan at ng mga manghuhula gaya ng mga Filisteo; nakikibagay sila sa kaugalian ng mga dayuhan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Sagana ang kanilang lupain sa ginto at pilak, at walang pagkaubos ang kanilang kayamanan. Sa buong lupai'y maraming kabayo, at hindi mabilang ang kanilang mga karwahe.

8Punô ng diyus-diyosan ang kanilang bayan; mga rebultong gawa lamang, kanilang niyuyukuran, mga bagay na inanyuan at nililok lamang.

9Kaya ang mga tao ay hahamakin at mapapahiya; huwag mo silang patatawarin!

10Magtatago sila sa mga yungib na bato at sa mga hukay upang makaiwas sa poot ni Yahweh, at sa kaluwalhatian ng kanyang karangalan.

11Pagdating ng araw ni Yahweh, ang mga palalo ay kanyang wawakasan, itong mga mayayabang, kanya ring paparusahan; pagkat si Yahweh lamang ang bibigyang kadakilaan.

12Sapagkat si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ay may itinakdang araw, laban sa lahat ng palalo at mayabang, laban sa lahat ng mapagmataas;

13laban sa lahat ng nagtataasang sedar ng Lebanon, at laban sa lahat ng malalaking punongkahoy sa Bashan;

14laban sa lahat ng matataas na bundok at mga burol;

15laban sa lahat ng matataas na tore at matitibay na pader;

16laban sa mga malalaking barko, at magagandang sasakyang dagat.

17Pagdating ng araw na iyon, ang mga palalo ay papahiyain, at ang mga maharlika ay pababagsakin, pagkat si Yahweh lamang ang dapat dakilain,

18at mawawala ang lahat ng diyus-diyosan.

19Magtatago ang mga tao sa mga yungib na bato at sa mga hukay sa lupa, upang kanilang matakasan ang poot ni Yahweh; at ang kaluwalhatian ng kanyang karangalan, kapag siya'y nagbangon upang sindakin ang daigdig.

20Sa araw na iyon, itatapon nila sa mga daga at paniki, ang mga rebultong yari sa ginto at pilak na ginawa nila upang kanilang sambahin.

21Magtatago sila sa mga yungib na bato at sa mga bitak ng matatarik na burol, upang kanilang matakasan ang poot ni Yahweh at ang kaluwalhatian ng kanyang karangalan, kapag siya'y nagbangon upang sindakin ang daigdig.

22Huwag ka nang magtitiwala sa kapangyarihan ng tao. Siya ay hininga lamang, at tiyak maglalaho. Ano nga ba ang maitutulong niya sa iyo?

## Isaias 3

### Kaguluhan sa Jerusalem

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[1]Aalisin na ni Yahweh, ang Makapangyarihang Panginoon, sa Jerusalem at sa Juda ang lahat nilang ikinabubuhay at pangangailangan: ang tinapay at ang tubig;

[2]ang magigiting na bayani at ang mga kawal; ang mga hukom at mga propeta, ang mga manghuhula at ang matatandang pinuno;

[3]ang mga opisyal ng sandatahang lakas ang mga pinuno ng pamahalaan; ang kanilang mga tagapayo, at ang mahuhusay na salamangkero, gayundin ang mga bihasa sa mga agimat.

[4]Ang mamumuno sa kanila'y mga musmos na bata, mga sanggol ang sa kanila'y mamamahala.

[5]Aapihin ng bawat tao ang kanyang kapwa, hindi igagalang ng kabataan ang matatanda, maging ang hamak ay lalaban sa nakatataas sa kanya.

[6]Darating ang araw na pupuntahan ng isang tao ang kanyang kapatid sa mismong bahay ng kanilang ama upang sabihin: “Mayroon kang balabal kaya ikaw na ang mamuno sa amin, ikaw na ang mamahala sa gumuho nating kabuhayan.”

[7]Ngunit tututol ito at sasabihin: “Hindi ko kayo matutulungan; wala kahit tinapay o balabal sa aking bahay. Huwag ninyo akong pamahalain sa ating bayan.”

[8]Gumuho na ang Jerusalem at bumagsak na ang Juda, sapagkat sumuway sila kay Yahweh, sa salita at sa gawa, nilapastangan nila ang kanyang maningning na kalagayan.

[9]Ang pagkiling nila sa iba ay katibayan laban sa kanila. Gaya ng Sodoma, hayagan sila kung magkasala. Hindi nila ito itinatago! Kawawang mga tao! Sila na rin ang nagpahamak sa kanilang sarili.

[10]Sabihin ninyo sa mga taong matuwid: “Mapalad kayo sapagkat mapapakinabangan ninyo ang bunga ng inyong pinagpaguran!”

[11]At sa masasamang tao: “Kawawa naman kayo! Ang sasapitin ninyo'y kapahamakan, kung ano ang inyong inutang ay siya ring kabayaran, kung ano ang inyong ginawa, gayundin ang gagawin sa inyo.”

[12]Mga bata ang umaapi sa aking bayan; mga babae ang namumuno sa kanila. O bayan ko, inililigaw kayo ng inyong mga pinuno, nililito nila kayo sa daang inyong nilalakaran.

**Hinatulan ng Diyos ang Kanyang Bayan**

[13]Nakahanda na si Yahweh upang ibigay ang kanyang panig, nakatayo na siya upang hatulan ang kanyang bayan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Ipapataw na ni Yahweh ang kanyang hatol sa matatanda at mga pinuno ng kanyang bayan: “Ubasan ng mahihirap inyong sinamsam, inyong mga tahanan puro nakaw ang laman.

15Bakit ninyo inaapi ang aking bayan at sinisikil ang mahihirap?” Ito ang sabi ni Yahweh, ang Makapangyarihang Panginoon.

**Babala sa Kababaihan ng Jerusalem**

16At sinabi ni Yahweh, “Palalo ang mga anak na babae ng Jerusalem, taas-noo kung lumakad, pasulyap-sulyap kung tumingin, pakendeng-kendeng kung humakbang, at pinakakalansing pa ang mga alahas sa paa.

17Dahil diyan, pagsusugatin ni Yahweh ang kanilang ulo hanggang sa sila'y makalbo.”

18Sa araw na iyon, aalisin ni Yahweh ang mga alahas niya sa paa, ulo at leeg;

19ang mga kuwintas, pulseras at bandana;

20ang mga alahas sa buhok, braso, baywang, mga sisidlan ng pabango at mga agimat;

21ang mga singsing sa daliri at sa ilong;

22ang mamahaling damit, balabal, kapa at pitaka;

23ang maninipis nilang damit, mga kasuotang lino, turbante, at belo.

24Ang dating mabango ay aalingasaw sa baho, lubid ang ibibigkis sa halip na mamahaling sinturon; ang maayos na buhok ay makakalbo, ang magagarang damit ay papalitan ng sako; ang kagandahan ay magiging kahihiyan.

25Mamamatay sa tabak ang inyong mga kalalakihan, at ang magigiting ninyong kawal sa digmaan.

26Magkakaroon ng panaghoy at iyakan sa mga pintuang-lunsod, at ang mismong lunsod ay matutulad sa isang babaing hubad na nakalupasay sa lupa.

## Isaias 4

1Sa araw na iyon, pitong babae ang mag-aagawan sa isang lalaki at sasabihin nila: “Kami na ang bahala sa aming kakainin at isusuot na damit; pakasalan mo lamang kami para mawala ang kahihiyang taglay namin sapagkat kami'y walang asawa.”

**Muling Itatatag ang Jerusalem**

2Pagdating ng araw na iyon, pasasaganain at pauunlarin ni Yahweh ang lahat ng nanatiling tapat sa kanyang bayan, at ang bunga ng lupain ay magiging dangal at hiyas ng mga nakaligtas na tao sa Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Tatawaging banal ang mga matitirang buháy sa Jerusalem, silang mga pinili ng Diyos upang mabuhay.

4Sa pamamagitan ng makatarungang paghatol, huhugasan ni Yahweh ang karumihan ng Jerusalem at ang dugong nabuhos doon.

5Pagkatapos, lilikha si Yahweh ng isang ulap kung araw na lililim sa Bundok ng Zion at sa mga nagkakatipon roon at magiging maliwanag na ningas kung gabi. Lalaganap ang kanyang kaluwalhatian gaya ng isang malawak na bubong na

6magsisilbing lilim sa init ng araw at kublihan kapag may bagyo at ulan.

## Isaias 5

### Awit tungkol sa Ubasan

1Mayroong ubasan ang aking sinta, sa libis ng bundok na lupa'y mataba, kaya ako'y aawit para sa kanya.

2Hinukay niya ang lupa at inalisan ng bato, mga piling puno ng mabuting ubas ang kanyang itinanim dito. Sa gitna'y nagtayo siya ng isang bantayan at nagpahukay pa ng balong pisaan. Pagkatapos nito ay naghintay siya na ang kanyang tanim ay magsipagbunga, ngunit bakit ang kanyang napitas ay maasim ang lasa?

3Kaya ngayon, mga taga-Jerusalem at mga taga-Juda, kayo ang humatol sa akin at sa aking ubasan.

4Ano pa ba ang aking nakaligtaang gawin sa aking ubasan? Bakit nang ako'y mamitas ng bunga, ang aking nakuha ay maasim ang lasa?

5Kaya ganito ang gagawin ko sa aking ubasan: Puputulin ko ang mga halamang nakapaligid dito at wawasakin ang bakod. Ito'y kakainin at sisirain ng mga hayop.

6Pababayaan ko itong malubog sa mga tinik at damo; hindi ko babawasan ng labis na dahon at sanga, hindi ko bubungkalin ang paligid ng mga puno nito; at pati ang ulap ay uutusan ko na huwag magbigay ng ulan.

7Ang ubasang ito ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ay walang iba kundi ang bayang Israel, at ang bayan ng Juda ang mga puno ng ubas na kanyang itinanim. Umasa siyang gagawa ito ng makatarungan, ngunit sa halip ay naging mamamatay-tao, inasahan niyang paiiralin nito'y katuwiran, ngunit panay pang-aapi ang kanilang ginawa.

### Ang Kasamaan ng Tao

8Kawawa kayo na laging naghahangad ng maraming bahay at malawak na mga bukirin, hanggang mawalan na ng lugar ang ibang mga tao, at kayo na lamang ang naninirahan sa lupain.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Sinabi sa akin ni Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat: Maraming tirahan ang mawawasak; malalaki at magagandang mga tahanan, sira at wasak na ito'y iiwan.

10Sa bawat walong ektaryang ubasan, dalawampu't dalawang litrong alak lamang ang makukuha; sa bawat sampung kabang inihasik, limang salop lamang ang aanihin.

11Kawawa ang maaagang bumangon na nagmamadali upang makipag-inuman; inaabot sila ng hatinggabi hanggang sa malasing!

12Tugtog ng lira sa saliw ng alpa; tunog ng tamburin at himig ng plauta; saganang alak sa kapistahan nila; ngunit mga ginawa ni Yahweh ay hindi nila inunawa.

13Kaya nga ang bayan ko ay dadalhing-bihag ng hindi nila nalalaman; mamamatay sa gutom ang kanilang mga pinuno, at sa matinding uhaw, ang maraming tao.

14Ang daigdig ng mga patay ay magugutom; ibubuka nito ng maluwang ang kanyang bibig. Lulunukin nito ang mga maharlika ng Jerusalem, pati na ang karaniwang tao na nagkakaingay.

15Ang lahat ng tao'y mapapahiya, at ang mayayabang ay pawang ibababa.

16Ngunit si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, pupurihin siya sa hatol niyang matapat, at sa pagpapakita ng katuwiran, makikilalang ang Diyos ay Banal.

17Sa gayon, sa tabi ng mga guho ay manginginain ang mga tupa at mumunting kambing.

18Kawawa kayo, mga makasalanan na walang ginawa kundi humabi ng kasinungalingan; hindi kayo makakawala sa inyong kasamaan.

19Sinasabi ninyo: “Pagmadaliin natin ang Diyos upang ating makita ang kanyang pagkilos; maganap na sana ang plano ng Banal na Diyos ng Israel, nang ito'y malaman natin.”

20Kawawa kayo, mga baligtad ang isip! Ang mabuting gawa ay minamasama, at minamabuti naman iyong masama, ang kaliwanaga'y ginagawang kadiliman at ang kadilima'y itinuturing na kaliwanagan. Sa lasang mapait ang sabi'y matamis, sa lasang matamis ang sabi'y mapait.

21Kawawa rin kayo, mga nag-aakalang kayo'y marurunong, at matatalino sa inyong sariling palagay!

22Mga bida sa inuman, kawawa kayo! Mahuhusay lang kayo sa pagtitimpla ng alak;

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[23]dahil sa suhol, pinapalaya ang may kasalanan, at sa taong matuwid ipinagkakait ang katarungan.

[24]Kaya kung paanong ang dayami ng trigo at ang tuyong damo ay sinusunog ng apoy, gayundin ang bulaklak nila'y parang alikabok na papaitaas; at ang ugat nila'y dagling mabubulok. Sapagkat tinalikuran nila ang batas ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, at ang salita ng Banal na Diyos ng Israel ay kanilang binaliwala.

[25]Kaya dahil sa laki ng galit ni Yahweh, paparusahan niya ang kanyang sariling bayan. Mayayanig ang mga bundok; mga bangkay ay mangangalat na parang mga basurang sa lansanga'y sasambulat. Ngunit ang poot niya'y hindi pa mawawala, kanyang mga kamay handa pa ring magparusa.

[26]Huhudyatan niya ang isang malayong bansa, tatawagin niya ito mula sa dulo ng lupa; at mabilis naman itong lalapit.

[27]Isa man sa kanila'y hindi mapapagod o makakatulog o madudulas; walang pamigkis na maluwag o lagot na tali ng sandalyas.

[28]Matutulis ang kanilang panudla, at nakabanat ang kanilang mga pana; ang kuko ng kanilang kabayo'y sintigas ng bakal at parang ipu-ipo ang kanilang mga karwahe.

[29]Ang sigawan nila'y parang atungal ng batang leon, na nakapatay ng kanyang biktima at dinala ito sa malayong lugar na walang makakaagaw.

[30]Sa araw na iyon ay sisigawan nila ang Israel na parang ugong ng dagat. At pagtingin nila sa lupain, ito'y balot ng dilim at pighati; at ang liwanag ay natakpan na ng makapal na ulap.

## Isaias 6

### Ang Pagtawag kay Isaias Upang Maging Propeta

[1]Noong taon na mamatay si Haring Uzias, nakita ko si Yahweh na nakaupo sa isang napakataas na trono. Ang laylayan ng kanyang kasuotan ay nakalatag sa buong Templo.

[2]May mga serapin sa kanyang ulunan, at ang bawat isa'y may anim na pakpak: dalawa ang nakatakip sa mukha, dalawa sa mga paa, at dalawa ang ginagamit sa paglipad.

[3]Sinasabi nila sa isa't isa ang ganito: “Banal, banal, banal si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat! Ang buong daigdig ay puspos ng kanyang kaluwalhatian.”

[4]Sa lakas ng kanilang tinig ay nayanig ang mga pundasyon ng Templo at ang loob nito'y napuno ng usok.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Sinabi ko, "Kawawa ako sapagkat ako ay isang makasalanan at mula sa isang lahing makasalanan. Mapapahamak ako sapagkat nakita ko ang Hari, si Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat!"

6Pagkatapos, may isang seraping sumipit ng baga mula sa altar, at lumipad patungo sa akin.

7Idinampi niya ang baga sa aking mga labi, at sinabi: "Ngayong naidampi na ito sa iyong mga labi, pinatawad ka na at nilinis na ang iyong mga kasalanan."

8At narinig ko ang tinig ni Yahweh na nagsasabi, "Sino ang aking ipadadala? Sino ang magpapahayag para sa atin?" Sumagot ako, "Narito po ako; ako ang inyong isugo!"

9At sinabi niya, "Humayo ka at sabihin mo sa mga tao: 'Makinig man kayo nang makinig ay hindi kayo makakaunawa; tumingin man kayo nang tumingin ay hindi kayo makakakita.'

10Papurulin mo ang kanilang kaisipan, kanilang pandinig iyo ring takpan, bulagin mo sila upang hindi makakita, upang sila'y hindi makarinig, hindi makakita, at hindi makaunawa. Kundi'y baka magbalik-loob sila at sila'y pagalingin ko pa."

11Itinanong ko: "Hanggang kailan po, Panginoon?" Ganito ang sagot niya: "Hanggang ang mga lunsod ay mawasak at mawalan ng tao, hanggang sa wala nang nakatira sa mga tahanan, at ang lupain ay matiwangwang;

12hanggang sa ang mga tao'y itapon ni Yahweh sa malayong lugar, at ang malawak na lupain ay wala nang pakinabang.

13Matira man ang ikasampung bahagi ng mga tao, sila rin ay mapupuksa, parang pinutol na puno ng ensina, na tuod lamang ang natira. Ang tuod na iyan ay tanda ng isang bagong simula para sa bayan ng Diyos."

## Isaias 7

### Unang Babala kay Ahaz

1Nang ang hari ng Juda ay si Ahaz, anak ni Jotam na anak ni Uzias, ang Jerusalem ay sinalakay ni Haring Rezin ng Siria, at ng hari ng Israel na si Peka, anak ni Remalias, ngunit hindi sila nagtagumpay.

2Nang mabalitaan ng sambahayan ni David na nagkasundo na ang Siria at ang Efraim, ang hari at ang buong bayan ay nanginig sa takot na parang mga puno sa kakahuyan na hinahampas ng hangin.

3Sinabi ni Yahweh kay Isaias: "Isama mo ang iyong anak na si Sear-Yasub at salubungin ninyo si Ahaz. Matatagpuan ninyo siya sa may dulo ng padaluyan ng tubig mula sa tipunan ng tubig sa itaas, sa daang patungo sa dakong Bilaran ng Tela.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Ganito ang sabihin mo sa kanya: ‘Humanda ka! Huwag matakot at mabagabag. Huwag kang masisiraan ng loob dahil sa nag-aalab na poot ni Rezin ng Siria at ni Peka na anak ni Remalias; ang dalawang iyon ay parang dalawang putol ng kahoy na umuusok ngunit walang apoy.’

5Nagbalak ng masama laban sa iyo ang Siria, ang Israel at ang anak ni Remalias, at kanilang sinabi:

6‘Lusubin natin ang Juda, at sakupin ang Jerusalem. Gagawin nating hari doon ang anak ni Tabeel.’

7Ngunit sinabi ng Panginoong Yahweh, “Hindi ito mangyayari.

8Sapagkat ang Siria'y mas mahina kaysa Damasco na punong-lunsod niya, at ang Damasco'y mas mahina kaysa kay Haring Rezin. Ang Israel naman ay mawawasak sa loob ng animnapu't limang taon, at hindi na ito ibibilang na isang bayan.

9Malakas pa kaysa Israel ang lunsod ng Samaria na punong-lunsod nito, at ang Samaria ay mas mahina kaysa kay Haring Peka. Ikaw ay mabubuwal kapag hindi naging matatag ang iyong pananalig sa Diyos.”

**Ang Palatandaan ng Emmanuel**

10Muling nagsalita si Yahweh kay Ahaz:

11“Humingi ka ng palatandaan kay Yahweh na iyong Diyos, maging ito ay buhat sa malalim na libingan o sa kaitaasan ng langit.”

12Ngunit sinabi ni Ahaz: “Hindi po ako hihingi. Hindi ko po susubukin si Yahweh.”

13At sinabi ni Isaias: “Makinig kayo, sambahayan ni David! Hindi pa ba sapat na subukin ninyo ang pagtitiis ng mga tao, at pati ang pagtitiis ng aking Diyos ay inyong sinusubok?

14Dahil dito si Yahweh mismo ang magbibigay sa inyo ng palatandaan: Maglilihi ang isang dalaga at magsisilang ng isang sanggol na lalaki at tatawagin sa pangalang Emmanuel.

15Gatas at pulot ang kanyang kakainin kapag marunong na siyang umiwas sa masama at gumawa ng mabuti.

16Sapagkat bago matuto ang bata na umiwas sa masama at gumawa ng mabuti, ang lupain ng dalawang haring kinatatakutan mo ay wawasakin.

17Ikaw at ang iyong bayan, pati na ang sambahayan ng iyong ama ay ipapasakop ni Yahweh sa hari ng Asiria. Pagdaranasin ka nito ng paghihirap na kailanma'y hindi mo pa nararanasan mula nang humiwalay ang Efraim sa Juda.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[18]Sa panahon ding iyon, tatawagin ni Yahweh ang mga Egipcio na parang mga langaw mula sa malalayong batis ng Ilog Nilo, at ang mga taga-Asiria na gaya ng mga pukyutan.

[19]Darating ang mga ito at maninirahan sa matatarik na bangin, sa mga lungga ng malalaking bato, at sa lahat ng dawagan at mga pastulan.

[20]Sa araw na iyon, ang Panginoon ay uupa ng mang-aahit mula sa kabila ng Ilog Eufrates—ang hari ng Asiria! Aahitin niya ang buhok mo sa ulo pati na ang iyong balbas at gayundin ang balahibo mo sa buong katawan.

[21]Sa araw na iyon ang bawat tao ay mag-aalaga ng isang dumalagang baka at dalawang tupa.

[22]Sa dami ng gatas na makukuha, ang lahat ng natira sa lupain ay mabubuhay sa gatas at pulot.

[23]Sa panahong iyon ang ubasang noo'y may isang libong punong ubas na nagkakahalaga ng isang libong salaping pilak ay magiging dawagan at puro tinikan.

[24]May dalang palaso at pana ang papasok doon, sapagkat ang buong lupain ay mapupuno ng mga tinik at dawag.

[25]Wala nang pupunta doon upang magbungkal ng lupa sapagkat mga tinik ay sanga-sanga na. Pagpapastulan na lamang iyon ng mga baka at tupa."

## Isaias 8

### Babala at Pag-asa

[1]Sinabi sa akin ni Yahweh, "Kumuha ka ng isang malapad na tapyas ng bato at isulat mo sa malalaking letra ang mga sumusunod: 'Kay Maher-salal-has-baz.'

[2]Ikuha mo ako ng dalawang saksing mapagkakatiwalaan: ang paring si Urias at si Zacarias na anak ni Jeberequias."

[3]Sinipingan ko ang aking asawa. Siya'y naglihi at nanganak ng isang lalaki. At sinabi sa akin ni Yahweh: "Ang ipangalan mo sa kanya'y Maher-salal-has-baz.

[4]Sapagkat bago pa siya matutong tumawag ng 'Tatay' o 'Nanay,' ang kayamanan ng Damasco at ang mga nasamsam ng Samaria ay dadalhin ng hari ng Asiria."

[5]Sinabi pa sa akin ni Yahweh:

[6]"Sapagkat tinanggihan ng bayang ito ang tubig ng Siloe na umaagos nang banayad, at nangangatog sila sa harapan ni Rezin, at ng anak ni Remalias;

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7ipadadala sa kanila ng Panginoon ang hari ng Asiria at ang kanyang mga hukbo, na lulusob tulad ng malakas na agos ng Ilog Eufrates.

8Parang baha ito na aagos sa Juda, tataas ang tubig nang hanggang leeg, at lalaganap ito sa buong lupain mo, O Emmanuel."

9Magsama-sama man kayo mga bansa ay mawawasak din kayo! Makinig kayo, mga bansang nasa malalayong dako. Maghanda man kayo sa pakikipaglaban ay matatakot din kayo.

10Magplano man kayo, tiyak na kayo'y mabibigo; magpulong man kayo, wala ring mangyayari, sapagkat ang Diyos ay kasama namin.

**Binalaan ni Yahweh ang Propeta**

11Sa pamamagitan ng kanyang dakilang kapangyarihan, binalaan ako ni Yahweh na huwag kong sundan ang mga landas na dinadaanan ng mga taong ito.

12Sinabi niya, "Huwag kayong maniwala sa sabwatan na sinasabi ng bansang ito; huwag kayong matakot sa kanilang kinatatakutan.

13Ngunit si Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat, ang dapat ninyong kilalanin bilang Banal. Siya ang dapat ninyong igalang at dapat katakutan.

14Sa dalawang kaharian ng Israel, siya'y magiging isang santuwaryo, isang batong katitisuran; bitag at patibong para sa mga naninirahan sa Jerusalem.

15Dahil sa kanya, marami ang babagsak, mabubuwal at masusugatan; marami rin ang masisilo at mahuhulog sa bitag."

**Babala Laban sa Pagsangguni sa Patay**

16Ingatan mo at pagtibayin ang mensaheng ito para sa aking mga alagad.

17Maghihintay ako kay Yahweh na tumalikod sa sambahayan ni Jacob; at sa kanya ako aasa.

18Ako at ang mga anak na kaloob sa akin ni Yahweh ay palatandaan at sagisag sa Israel, mula kay Yahweh na Makapangyarihan sa lahat na naninirahan sa Bundok ng Zion.

19Kapag may nagsabi sa inyo: "Sumangguni kayo sa mga espiritu ng namatay at sa mga manghuhula. Hindi ba dapat sumangguni ang mga tao sa kanilang diyos at patay para sa mga buháy?"

20Ganito ang inyong isasagot, "Nasa inyo ang aral at tagubilin ng Diyos! Huwag kayong makikinig sa mga sumasangguni sa espiritu, ipapahamak lang kayo ng mga iyon."

**Panahon ng Kaguluhan**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Maglalakbay sila sa lupain na pagod na pagod at gutom na gutom, magwawala sila dahil sa gutom at susumpain ang kanilang hari at ang kanilang diyos. Titingala sila sa langit

22at igagala nila ang kanilang mata sa lupa, ngunit wala silang makikita kundi kaguluhan at kadiliman; isang nakakatakot na kadiliman kung saan sila itatapon.

## Isaias 9

### Paghahari ng Prinsipe ng Kapayapaan

1Ngunit napawi na ang dilim sa bayang matagal nang namimighati. Noong mga nakaraang araw, inilagay niya sa kahihiyan ang lupain ng Zebulun at ang lupain ng Neftali. Ngunit sa panahong darating, dadakilain niya ang lupaing ito, daanang papunta sa lawa, sa ibayo ng Jordan, sa Galilea ng mga Hentil!

2Nakakita ng isang maningning na liwanag ang bayang matagal nang lumalakad sa kadiliman; sumikat na ang liwanag sa mga taong naninirahan sa lupaing balot ng dilim.

3Pinasigla mo ang kanilang pagdiriwang, dinagdagan mo ang kanilang tuwa. Nagagalak sila na parang panahon ng anihan, at parang mga taong naghahati-hati sa nasamsam na kayamanan.

4Sapagkat binali mo ang pamatok ng kahirapan at mga bigatin sa kanilang balikat ay pinasan. Pamalo ng mga mang-aapi, iyong binali tulad sa Midian na iyong ginapi.

5Ang panyapak ng mga mandirigma, at ang lahat ng kasuotang tigmak sa dugo ay susunugin.

6Sapagkat isinilang ang isang sanggol na lalaki para sa atin. Ibibigay sa kanya ang pamamahala; at siya ay tatawaging Kahanga-hangang Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama, Prinsipe ng Kapayapaan.

7Magiging malawak ang kanyang kapangyarihan at walang katapusang kapayapaan ang ipagkakaloob sa trono ni David at sa kanyang kaharian. Itatatag niya ito at pamamahalaan na may katarungan at katuwiran mula ngayon at magpakailanman. Isasagawa ito ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

### Paparusahan ng Diyos ang Israel

8Nagsalita ang Panginoon laban kay Jacob, sa kaharian ng Israel.

9Malalaman ito ng lahat ng tao sa Efraim at ng lahat ng naninirahan sa Samaria, ngunit dahil sila'y pangahas at tunay na palalo, sila ay nagsabi ng ganito:

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10“Gumuho man ang mga gusaling yari sa tisa, magtatayo naman kami ng gusaling yari sa bato. Maubos man ang mga punong sikamoro, papalitan namin ng sedar ang mga ito.”

11Kaya sila'y ipasasalakay ni Yahweh sa kanilang mga kaaway.

12Ang Israel ay sasakmalin ng Siria mula sa silangan at ng mga Filisteo mula sa kanluran, ngunit hindi pa rin mawawala ang matindi niyang galit, at patuloy pa niyang paparusahan ang bayang Israel.

13Ngunit hindi pa rin magsisisi ang bayan kahit na sila'y parusahan, ayaw talaga nilang magbalik-loob kay Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

14Kaya sa loob lamang ng isang araw ay paparusahan ni Yahweh ang mga pinuno't mamamayan ng Israel; para silang hayop na pinutulan ng ulo't buntot.

15Ang ulo'y ang matatandang pinuno na iginagalang, at ang buntot nama'y mga propetang bulaan.

16Iniligaw ng kanilang mga pinuno ang bayang ito kaya ang mga tagasunod nila ay nagkakagulo.

17Dahil dito, hindi kinalugdan ng Panginoon ang kanilang mga kabataang lalaki, hindi niya kinahahabagan ang kanilang mga ulila at biyuda. Lahat sila'y walang kinikilalang diyos at masasama; pawang kahangalan ang kanilang sinasabi. Sa lahat ng ito'y hindi mawawala ang matindi niyang galit, patuloy niyang paparusahan ang bayang Israel.

18Ang kasamaan ay naglalagablab na parang apoy at sumusunog sa mga tinik at dawag; tutupukin nito ang masukal na gubat at papailanlang ang makapal na usok.

19Susunugin ang buong lupa dahil sa poot ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, at ang mga tao'y parang mga panggatong sa apoy at walang ititira sa kanyang kapwa.

20Susunggaban nila ang anumang pagkaing kanilang makikita, gayunma'y hindi sila mabubusog, kakainin din nila kahit laman ng kanilang mga anak.

21Magsasagupaan ang mga naninirahan sa Manases at Efraim at pagkatapos ay pagtutulungan ang Juda; ngunit hindi pa rin mawawala ang matinding poot ni Yahweh. Patuloy niyang paparusahan ang bayang Israel.

## Isaias 10

1Mapapahamak kayo, mga gumagawa ng hindi makatarungang batas na umaapi sa mga tao,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2upang pagkaitan ng katarungan ang mga nangangailangan, upang alisan ng karapatan ang mahihirap, at upang pagsamantalahan ang mga biyuda at ulila.

3Ano ang gagawin ninyo sa araw ng pagpaparusa, pagdating ng pagkawasak na magmumula sa malayo? Kanino kayo lalapit upang humingi ng tulong, at kanino ninyo iiwanan ang inyong kayamanan,

4upang hindi kayo mabilanggo, o mamatay sa labanan? Sa kabila ng lahat ng ito, hindi nawawala ang kanyang poot; patuloy niyang paparusahan ang kanyang bayan.

**Ang Layunin ng Diyos at ang Hari ng Asiria**

5Ikaw Asiria ang gagamitin kong pamalo— ang tungkod ng aking pagkapoot.

6Isusugo ko siya laban sa isang bayang walang diyos, isang bayang kinapopootan ko, upang ito'y wasakin at samsaman ng lahat ng yaman at tapakang parang putik sa lansangan.

7Ngunit hindi ganito ang binabalak ng hari ng Asiria, wala nga ito sa isipan niya. Ang layunin niya'y wasakin ang maraming bansa.

8Ang sabi niya: “Hindi ba't pawang hari ang aking mga pinuno?

9Ano ang pagkakaiba ng Calno sa Carquemis? Ng Hamat sa Arpad, at ng Samaria sa Damasco?

10Kung paanong pinarusahan ko ang mga kahariang sumasamba sa mga diyus-diyosan; na higit na marami ang mga larawang inanyuan kaysa naroon sa Jerusalem at Samaria,

11hindi ko rin ba gagawin sa Jerusalem at sa mga diyus-diyosan nito, ang ginawa ko sa Samaria at sa mga imahen nito?”

12Ngunit kapag natapos na ni Yahweh ang kanyang layunin sa Bundok Zion at sa Jerusalem, paparusahan niya ang hari ng Asiria dahil sa kanyang kayabangan, kataasan at kapalaluan.

13Sapagkat ang sabi niya: “Nagawa ko iyan dahil sa taglay kong lakas at karunungan, inalis ko ang hangganan ng mga bansa, at sinamsam ko ang kanilang mga kayamanan; ibinagsak ko sa lupa ang mga nakaupo sa trono.

14Kinamkam ko ang kayamanan ng mga bansa na parang nasa isang pugad. Tinipon ko ang buong lupa tulad ng pagtipon sa mga itlog na iniwanan, wala man lamang pakpak na nagbalak lumipad, walang bibig na bumubuka o huning narinig.”

15Mas magaling pa ba ang palakol kaysa taong may hawak nito? Mas mahalaga ba ang lagari kaysa taong gumagamit nito? Ang tungkod pa ba ang bubuhat sa may hawak nito?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[16]Kaya nga padadalhan ni Yahweh, ang Makapangyarihang Panginoon, ng mapaminsalang sakit ang magiging niyang mandirigma, at sa ilalim ng kanilang mga kasuotan, mag-aapoy sa init ang kanilang katawan, parang sigang maglalagablab nang walang katapusan.

[17]Ang ilaw ng Israel ay magiging apoy, ang Banal na Diyos ay magniningas, at susunugin niya sa loob ng isang araw maging ang mga tinik at dawag.

[18]Wawasakin niya ang kanyang mga gubat at bukirin, kung paanong winasak ng sakit ang katawan at kaluluwa ng tao.

[19]Ilan lamang ang matitirang punongkahoy sa gubat, ang mga ito'y mabibilang kahit ng isang batang musmos.

**Ang Pagbabalik ng mga Natirang Sambahayan ng Israel**

[20]Sa araw na iyon ang matitira sa bansang Israel at Juda ay hindi na aasa sa mga nagpahirap sa kanila. Kay Yahweh lamang, sa Banal na Diyos ng Israel, sila mananalig nang buong katapatan.

[21]Ang mga natira sa sambahayan ni Jacob ay magbabalik sa Diyos na Makapangyarihan,

[22]sapagkat kung sindami man ng buhangin sa dagat ang mga Israelita, ilan lamang ang makakabalik. Nakatakda na ang pagwasak sa iyo ayon sa nararapat.

[23]Sa takdang panahon, ang buong bansa ay wawakasan ni Yahweh, ang Makapangyarihang Panginoon.

[24]Kaya ganito ang sinasabi ni Yahweh, ang Makapangyarihang Panginoon: “O bayan kong naninirahan sa Zion, huwag kang matakot sa mga taga-Asiria kung ikaw ma'y hampasin nila o pahirapan tulad ng ginawa sa iyo ng mga taga-Egipto.

[25]Sapagkat hindi magtatagal at lilipas na ang galit ko sa iyo, at sa kanila ko ibabaling ang aking poot.

[26]At hahagupitin ko sila tulad ng puksain ko ang mga Midianita sa Bato ng Oreb. Itataas ko ang aking tungkod sa ibabaw ng dagat tulad ng ginawa ko sa mga taga-Egipto.

[27]Sa araw na iyon aalisin sa iyong balikat ang pahirap na ginagawa ng Asiria at wawasakin na ang pamatok sa iyong leeg.” Sumalakay siya buhat sa Rimon.

[28]At nakarating na sa Aiat, lumampas na siya sa Migron at iniwan sa Micmas ang kanyang dala-dalahan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29Nakatawid na sila sa tawiran, at sa Geba magpapalipas ng gabi.
Nanginginig ang mga taga-Rama at tumakas na ang mga taga-Gibea na
kababayan ni Saul.

30Sumigaw kayo ng malakas, mga taga-Galim! Makinig kayo, mga taga-
Laisa; sumagot kayo, taga-Anatot!

31Tumatakas na ang Madmena, nag-alisan na ang mga taga-Gebim para sa
kanilang kaligtasan.

32Sa araw na ito darating sa Nob ang kaaway, ibinigay na niya ang hudyat na
salakayin ang Bundok ng Zion, ang Burol ng Jerusalem.

33Masdan ninyo si Yahweh, ang Makapangyarihang Panginoon! Sa
pamamagitan ng nakakapangilabot na lakas, ibubuwal niya ang
pinakamatataas na puno. Ibinabagsak niya ang mga palalo.

34Ibinubuwal niya ang mga punongkahoy sa kagubatan sa pamamagitan ng
palakol, bagsak na ang Lebanon at ang matatayog nitong punongkahoy.

## Isaias 11

### Ang Mapayapang Kaharian

1Naputol na tulad ng punongkahoy, ang paghahari ng anak ni Jesse. Ngunit
katulad ng pag-usbong ng mga bagong sanga sa pinutol na puno, sa lahi
niya'y lilitaw ang isang bagong hari.

2Mananahan sa kanya ang Espiritu ni Yahweh, ang espiritu ng karunungan
at pang-unawa, ng mabuting payo at kalakasan, kaalaman at pagsunod at
paggalang kay Yahweh.

3Kagalakan niya ang sumunod at gumalang kay Yahweh. Hindi siya hahatol
ayon sa kanyang nakita, o magpapasya batay sa kanyang narinig.

4Ngunit hahatulan niya ng buong katuwiran ang mga dukha, at ipagtatanggol
ang karapatan ng mga kaawa-awa. Tulad ng pamalo ang kanyang mga salita,
sa hatol niya'y mamamatay ang masasama.

5Maghahari siyang may katarungan, at mamamahala ng may katapatan.

6Maninirahan ang asong-gubat sa piling ng kordero, mahihiga ang leopardo
sa tabi ng batang kambing, magkasamang manginginain ang guya at ang
batang leon, at ang mag-aalaga sa kanila'y isang batang paslit.

7Ang baka at ang oso'y magkasamang manginginain, ang mga anak nila'y
mahihigang magkakatabi, ang leon ay kakain ng damo tulad ng baka.

8Maglalaro ang sanggol sa tabi ng lungga ng ahas, hindi mapapahamak ang
batang munti kahit pa isuot nito ang kanyang kamay sa lungga ng ulupong.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Walang mananakit o mamiminsala sa nasasaklaw ng aking bundok na pinagpala; sapagkat ang buong mundo ay mapupuno ng mga taong kumikilala kay Yahweh, kung paanong ang karagatan ay napupuno ng tubig.

**Ang Pagbabalik ng mga Itinapon**

10Sa araw na iyon, lilitaw ang isang hari mula sa angkan ni Jesse, at ito ang magiging palatandaan para sa mga bansa. Ang mga bansa'y tutungo sa banal na lunsod upang siya'y parangalan.

11Sa araw na iyon, muling kikilos ang Panginoon upang pauwiin ang mga nalabi sa kanyang bayan na mga bihag sa Asiria, sa Egipto, sa Patros, sa Etiopia, sa Elam, sa Sinar, sa Hamat at sa mga pulo sa karagatan.

12Magbibigay siya ng isang palatandaan sa mga bansa, at titipunin niya ang mga anak nina Israel at Juda na itinapon sa ibang lupain. Pauuwiin ang mga nangalat na anak ni Juda mula sa apat na sulok ng daigdig.

13Mapapawi na ang pagkainggit ng Israel, at mapuputol na ang pagkamarahas ng Juda. Hindi na maninibugho ang Israel sa Juda, at hindi na kakalabanin ng Juda ang Israel.

14Lulusubin nila ang mga Filisteo sa kanluran at magkasama nilang sasamsamin ang ari-arian, ang mga bansa sa silangan; sasakupin nila ang Edom at Moab, at susundin sila ng mga Ammonita.

15Tutuyuin ni Yahweh ang Dagat ng Egipto, at magpapadala siya ng mainit na hangin upang tuyuin ang Ilog Eufrates. Ang matitira lang ay pitong maliliit na batis na tatawiran ng mga tao.

16At magkakaroon ng isang malapad na daan mula sa Asiria para sa mga nalabi sa kanyang bayan, kung paanong ang Israel ay may nadaanan nang sila'y umalis mula sa Egipto.

## Isaias 12

**Awit ng Pasasalamat**

1Sa araw na iyon ay aawitin ng mga tao ang ganito: “Yahweh, ikaw ay aking pasasalamatan, sapagkat kung nagalit ka man sa akin noon, nawala na ang galit mo ngayon, at ako'y iyong inaliw.

2Tunay na ang Diyos ang aking kaligtasan, sa kanya ako magtitiwala at hindi ako matatakot, sapagkat ang Panginoong Yahweh ang aking kapangyarihan at kalakasan, siya ang aking tagapagligtas.

3Malugod kayong sasalok ng tubig sa balon ng kaligtasan.”

4Sasabihin ninyo sa araw na iyon: “Magpasalamat kayo kay Yahweh, siya ang inyong tawagan; ipaalam ninyo sa mga bansa ang kanyang mga gawa, ipahayag ninyo ang kadakilaan ng kanyang pangalan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Umawit kayo ng papuri kay Yahweh, sapagkat kahanga-hanga ang kanyang mga ginawa, ibalita ninyo ito sa buong daigdig.

6Mga taga-Zion, sumigaw kayo at umawit nang buong galak, sapagkat nasa piling ninyo ang dakila at ang Banal na Diyos ng Israel."

## Isaias 13

### Paparusahan ng Diyos ang Babilonia

1Narito ang isang pahayag mula sa Diyos tungkol sa Babilonia, sa isang pangitain na nakita ni Isaias na anak ni Amoz:

2Itayo mo ang isang bandila sa tuktok ng burol, isigaw sa mga kawal ang hudyat ng paglusob, lusubin ang mga pintuan ng palalong lunsod.

3Inutusan ko na ang aking mga piling kawal, tinawagan ko na ang magigiting kong mandirigma. Malalakas sila at masisigla, upang ipalasap ang aking galit.

4Pakinggan ninyo ang nagkakagulong ingay sa kabundukan dahil sa dami ng tao. Pakinggan ninyo ang ugong ng mga kaharian, ng mga bansang nagkakatipon! Inihahanda na ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ang kanyang mga hukbo para sa isang digmaan.

5Dumarating sila buhat sa malayong lupain, buhat sa dulo ng daigdig. Dumarating na si Yahweh, upang wasakin ang buong lupain dahil sa kanyang poot.

6Manangis kayo sapagkat malapit na ang araw ni Yahweh, darating na ang araw ng pangwawasak ng Diyos na Makapangyarihan.

7Sa araw na iyon, manghihina ang lahat ng kamay. Manlulupaypay ang lahat ng tao,

8ang lahat ng tao'y masisindak, at manginginig sa takot, makadarama sila ng paghihirap, tulad ng isang babaing manganganak. Matatakot sila sa isa't isa; mamumula ang kanilang mukha dahil sa kahihiyan.

9Dumarating na ang araw ni Yahweh, malupit ito at nag-aalab sa matinding poot, upang wasakin ang lupain at ang masasama ay lipulin.

10Hindi na magniningning ang liwanag ng mga bituin sa kalangitan, magiging madilim ang araw sa pagsikat, pati ang buwan ay hindi na magsasabog ng liwanag.

11"Paparusahan ko ang daigdig dahil sa kasamaan nito, at ang masasama dahil sa kanilang kasalanan; wawakasan ko na ang pagmamataas ng mga palalo, at puputulin ko na ang kayabangan ng mga walang awa.

12Kaunti lamang ang ititira kong tao at magiging mahirap pa silang hanapin kaysa gintong lantay na galing sa Ofir.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Kaya nga yayanigin ko ang kalangitan, at ang lupa ay malilihis sa kinalalagyan nito, sa araw na isinabog ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ang kanyang matinding poot.

14Parang usang hinahabol, parang tupang walang pastol, ang mga tao'y babalik sa kani-kanilang bayan, sila ay tatakas pabalik sa sariling lupain.

15Ang bawat mahuli'y papatayin sa pamamagitan ng tabak.

16Sa harapan nila'y luluray-lurayin ang kanilang mga sanggol, lilimasin ang mga ari-arian sa kanilang mga tahanan, at ang kanilang mga asawa'y pagsasamantalahan."

17Sinabi pa ni Yahweh, "Ipasasalakay ko sila sa mga taga-Media, mga taong walang pagpapahalaga sa pilak at di natutukso sa ginto.

18Papatayin nila sa pamamagitan ng pana ang mga kabataang lalaki, hindi nila kahahabagan ang mga sanggol at mga bata.

19Ang Babilonia, na pinakamaganda sa mga kaharian, ang kayamanang ipinagmamalaki ng mga taga-Babilonia, ay pababagsakin ng Diyos tulad sa Sodoma at Gomorra.

20Wala nang taong maninirahan doon kahit kailan, wala nang Arabong magtatayo ng tolda roon, wala nang pastol na mag-aalaga ng tupa doon.

21Mga hayop na maiilap ang mananahan doon, titirhan ng mga ostrits ang kanyang mga bahay, pagtataguan ang mga iyon ng mga ostrits at maglulundagan doon ang mga maiilap na kambing.

22Aatungal ang mga hiyena sa kanyang mga tore, aalulong ang mga asong-gubat sa kanyang mga palasyo. Nalalapit na ang wakas ng Babilonia, hindi na siya magtatagal."

## Isaias 14

### Pagbabalik mula sa Pagkabihag

1Ngunit muling mahahabag si Yahweh sa sambahayan ni Jacob at muli niyang hihirangin ang bayang Israel. Papatirahin niya sila sa sarili nilang bayan at may mga dayuhan ring darating at maninirahang kasama ng sambahayan ni Jacob.

2Tutulungan ang Israel ng ibang mga bansa upang makabalik sa sariling lupain at paglilingkuran nila ang mga Israelita bilang mga alipin. Magiging bihag ng mga Israelita ang mga dating bumihag sa kanila at masasakop nila ang noo'y nagpapahirap sa kanila.

3Sa araw na pagpapahingahin kayo ni Yahweh sa inyong paghihirap, pagtitiis at pagkaalipin,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4hahamakin ninyo nang ganito ang hari ng Babilonia: “Bumagsak na ang malupit na hari! Hindi na siya makapang-aaping muli.

5Winakasan na ni Yahweh ang kapangyarihan ng masama, ang tagapamahala,

6na walang awang nagpahirap sa mga tao, buong lupit na naghari sa mga bansang kanilang sinakop.

7Natahimik din sa wakas ang buong lupa, at ang mga tao'y nag-aawitan sa tuwa.

8Tuwang-tuwa ang mga sipres at ang mga sedar ng Lebanon dahil sa nangyari sa hari. Sinasabi nila: ‘Ngayong ikaw ay wala na, wala na ring puputol sa amin.’

9Ang daigdig ng mga patay ay abala sa iyong pagdating; ito'y naghahanda upang ikaw ay salubungin; ginising niya ang mga kaluluwa upang batiin ka, ng mga dating makapangyarihan sa daigdig. Pinatayo niya mula sa kanilang trono ang hari ng mga bansa.

10Lahat sila ay magsasabi sa iyo: ‘Ikaw pala'y naging mahina ring tulad namin! At sinapit mo rin ang aming sinapit!’

11Noo'y pinaparangalan ka ng tugtog ng alpa, ngayo'y narito ka na sa daigdig ng mga patay. Uod ang iyong hinihigan at uod rin ang iyong kinukumot.”

12“O Maningning na Bituin sa umaga, anak ng Bukang-liwayway! Bumagsak ka rin sa lupa, at nahulog mula sa langit. Ikaw na nagpasuko sa mga bansa!

13Hindi ba't sinabi mo sa iyong sarili? ‘Aakyat ako sa langit; at sa ibabaw ng mga bituin ng Diyos, ilalagay ko ang aking trono. Uupo ako sa ibabaw ng bundok na tagpuan ng mga diyos sa malayong hilaga.

14Aakyat ako sa ibabaw ng mga ulap, papantayan ko ang Kataas-taasan.’

15Ngunit anong nangyari at nahulog ka sa daigdig ng mga patay? Sa kalalimang walang hanggan?

16Pagmamasdan ka ng mga patay at magtatanong ang mga ito: ‘Hindi ba ang taong ito ang nagpayanig sa lupa, at nagpabagsak sa mga kaharian?

17Hindi ba't winasak niya ang buong daigdig, at nilupig ang mga lunsod, ang taong ayaw palayain ang mga bilanggo?

18Lahat ng hari ng mga bansa'y mahihimlay sa magagara nilang puntod.

19Ngunit ikaw ay hindi ililibing sa iyong libingan, ang bangkay mo'y itatapon na parang sangang walang kabuluhan. Tatabunan ka ng mga bangkay ng mga napatay sa digmaan. Ihuhulog kang kasama ng mga iyon sa mabatong hukay, matutulad ka sa bangkay na tinatapak-tapakan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Hindi ka malilibing na tulad ng ibang hari, sapagkat winasak mo ang iyong sariling bayan at nilipol mo ang iyong sariling nasasakupan. Walang makakaligtas sa iyong masamang sambahayang tulad mo.

[21]Simulan na ang paglipol sa kanyang mga anak dahil sa kasalanan ng kanilang ama! Hindi na sila muling maghahari sa mundo, o maninirahan sa mga lunsod sa lupa.'"

### Wawasakin ng Diyos ang Babilonia

[22]Sinabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: "Uusigin ko sila, at uubusin ko ang natitira sa kanilang lahi. Buburahin ko rin ang pangalan ng Babilonia.

[23]Gagawin ko siyang isang latian, at tirahan ng mga kuwago. Wawalisin ko siya at pupuksain," sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

### Wawasakin ng Diyos ang Asiria

[24]Sumumpa si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: "Mangyayari ang aking balak, matutupad ang aking layon;

[25]lilipulin ko ang mga taga-Asiria sa aking lupain, dudurugin ko siya sa aking kabundukan. Palalayain ko ang aking bayan sa kanilang pang-aalipin, at sa mabigat na pasaning kanilang dinadala.

[26]Ito ang gagawin ko sa buong daigdig, paparusahan ko na ang lahat ng bansa."

[27]Sino ang tututol sa pasya ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat? Sino ang pipigil sa kanyang pagpaparusa?

### Wawasakin ng Diyos ang mga Filisteo

[28]Ang mensaheng ito'y nahayag noong taóng mamatay si Haring Ahaz.

[29]Huwag mo munang ipagdiwang, bayang Filistia, ang pagkabali ng pamalong inihampas sa iyo, sapagkat sa lahi ng ahas maaaring lumitaw ang ulupong, at mag-aanak ito ng lumilipad na dragon.

[30]Ang mga mahihirap ay bibigyan ko ng pagkain, at ang mga nangangailanga'y panatag na mamamahinga; pababayaan kong mamatay ng gutom ang iyong lahi, at lilipulin ko ang matitira.

[31]Manangis kayo buong bayan, managhoy ang lahat ng mga lunsod ninyo; manginig kayo sa takot, Filistia. Pumapailanlang ang alikabok mula sa dakong hilaga, sapagkat dumarating na ang matatapang na kawal.

[32]Ano ang isasagot sa mga mensahero ng bansang iyon? "Si Yahweh ang nagtatag ng Zion, at ang mga kawawang nagdurusa sa kanyang bayan, nakakasumpong ng matibay na tanggulan."

## Isaias 15

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

**Wawasakin ng Diyos ang Moab**

1Ito ang pahayag tungkol sa Moab: Noong gabing gibain ang Ar, gumuho na ang Moab, noong gabing wasakin ang Kir, bumagsak na ang Moab.

2Umahon sa mga templo ang mga taga-Dibon, upang sa mga burol sila ay manangis; iniiyakan ng Moab ang Nebo at Medeba. Bawat isa sa kanila'y nagpakalbo at nag-ahit ng balbas dahil sa pagdadalamhati.

3Lahat ay nagluluksa sa mga lansangan, nanaghoy sila sa mga bubungan ng bahay at sa mga liwasang-bayan.

4Nananaghoy ang Hesbon at ang Eleale, dinig hanggang Jahaz ang kanilang iyakan, nasisindak pati mga mandirigma ng Moab, silang mga kawal, ngayo'y naduduwag.

5Nahahabag ako sa Moab, nagsisitakas ang kanyang mamamayan patungo sa lupain ng Zoar, hanggang Eglat-selisiya. Lumuluha silang umahon sa gulod ng Luhit, humahagulgol sa daang patungo sa Horonaim, dahil sa kapahamakang kanilang sinapit.

6Natuyo ang mga batis ng Nimrim, natuyo ang mga damo, natigang ang mga kaparangan, walang natirang sariwang halaman.

7Kaya itinawid nila sa kabila ng Batis Herabim ang lahat nilang kayamanan at ari-arian.

8Laganap sa buong Moab ang iyakan, abot sa Eglaim ang hagulgulan, dinig na dinig hanggang sa Beer-elim.

9Pumula sa dugo ang mga batis ng Dibon; ngunit may iba pang sakunang inihanda ko para sa kanya: Papatayin ng leon ang lahat ng matitira sa Moab.

## Isaias 16

1Mula sa Lunsod ng Sela sa disyerto, nagpadala ang mga taga-Moab ng mga batang tupa bilang regalo sa namamahala sa Jerusalem.

2Naghihintay sila sa baybayin ng batis ng Arnon, pabalik-balik sa paglalakad na parang mga ibong nabulabog sa kanilang pugad.

3Sasabihin nila sa mga taga-Juda: “Sabihin ninyo sa amin ang aming gagawin; at bigyan ng katarungan; takpan ninyo kami, tulad ng lilim ng punongkahoy kapag katanghaliang-tapat, papagpahingahin ninyo kami sa ilalim ng inyong mayayabong na sanga. Itago ninyo kami sa mga humahabol sa amin; kami'y mga takas, huwag ninyo kaming ibigay sa kanila.

4Patirahin ninyo kami sa inyong bayan, kaming mga pinalayas sa Moab. Ingatan ninyo kami sa nagnanais na pumatay sa amin.” At lilipas ang pag-uusig, mawawala ang mamumuksa, at aalis ang nananalanta sa lupain.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5At dahil sa wagas na pag-ibig, itatatag ang isang trono, at uupo doon ang
isang hahatol nang tapat; magmumula siya sa angkan ni David, isang
tagapamahalang makatarungan, at mabilis sa paggawa ng matuwid.

6Sasabihin ng mga taga-Juda: “Nabalitaan namin ang kataasan ng mga taga-
Moab, ang kanilang kasinungalingan at pandaraya, ngunit walang saysay
ang kanilang kayabangan.”

7Kaya tatangisan ng mga taga-Moab ang kanilang lunsod, sama-sama silang
mananaghoy dahil sa kanilang paghihirap, sa tuwing maaalala nila ang
masasarap na pagkain sa Kir-Hareset.

8Sisirain ang mga bukiring malapit sa Hesbon, at ang mga ubasan sa Sibma,
na pinagkukunan ng alak ng mga pinuno ng mga bansa. Ubasang abot sa
Jazer hanggang sa disyerto, at lampas pa hanggang sa kabila ng dagat.

9Kaya tatangisan kong kasama ng Jazer ang mga ubasan ng Sibma. Didiligin
ko ng luha ang Hesbon at Eleale sapagkat wala silang aanihin upang
magsaya ang bayan.

10Maglalaho ang tuwa at kagalakan sa kanyang masaganang bukirin. Titigil
ang kasayahan at awitan sa kanyang ubasan. Wala nang alak na dadaloy sa
kanyang pisaan at tuluyang matatahimik ang masayang hiyawan.

11Kaya parang malungkot na himig ng alpa ang aking pagdadalamhati sa
sinapit ng Moab. Nagdurugo ang puso ko sa sinapit ng Kir-heres.

12Umahon man ang mga taga-Moab sa kanilang mga altar sa mga sagradong
burol, at magpagod man sila ng pagsamba sa kanilang mga santuwaryo,
wala ring kabuluhan ang kanilang panalangin.

13Ito ang sabi ni Yahweh noong una tungkol sa Moab.

14Ngunit ito naman ang sinasabi niya ngayon: “Tatlong taon mula ngayon,
malilimas ang malaking kayamanan ng Moab. Sa marami niyang tauhan ay
ilan lamang ang matitira at mahihina pa.”

## Isaias 17

### Paparusahan ng Diyos ang Damasco at ang Israel

1Ganito ang pahayag ni Yahweh tungkol sa Damasco: “Mawawala ang
Lunsod ng Damasco, at magiging isang bunton na lamang ng mga gusaling
gumuho.

2Kailanma'y wala ng titira sa mga lunsod ng Siria. Magiging pastulan na
lamang siya ng mga kawan ng mga tupa at baka at walang mananakot sa
kanila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[3]Mawawasak ang mga tanggulan ng Efraim, babagsak ang kaharian ng Damasco. Matutulad sa sinapit ng Israel ang kapalarang sasapitin ng malalabi sa Siria." Ito ang sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

[4]"Sa araw na iyon maglalaho ang kaningningan ng Israel, ang kanyang kayamanan ay mapapalitan ng kahirapan.

[5]Matutulad siya sa isang triguhan matapos gapasin ng mga mag-aani. Matutuyot siyang gaya ng bukirin sa Refaim matapos simuting lahat ng mga mamumulot.

[6]Ilang tao lamang ang matitira sa lahi ng Israel, matutulad siya sa puno ng olibo na pinitas ang lahat ng mga bunga, at walang natira kundi dalawa o tatlong bunga sa pinakamataas na sanga, apat o limang bunga sa mga sangang dati'y maraming magbunga." Ito ang sabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel.

[7]Sa araw na iyon lalapit ang mga tao sa Lumikha sa kanila, sa Banal na Diyos ng Israel.

[8]Hindi na nila papansinin ang mga altar na sila na rin ang gumawa. Hindi na sila magtitiwala sa mga diyus-diyosang Ashera o sa mga altar na sunugan ng insenso na inanyuan ng kanilang mga kamay.

[9]Sa araw na iyon, iiwan ng mga tao ang iyong mga lunsod. Tulad ng nangyari sa mga lunsod ng mga Hivita at Amoreo noong dumating ang mga Israelita.

[10]Kinalimutan ninyo ang Diyos na nagligtas sa inyo, at hindi na ninyo naaalaala ang Bato na inyong kanlungan, sa halip, gumawa kayo ng mga sagradong hardin na itinalaga ninyo sa isang diyus-diyosan, sa paniniwalang pagpapalain niya kayo.

[11]Ngunit kahit tumubo man ang mga halaman at mamulaklak sa araw na inyong itinanim, wala kang aanihin pagdating ng araw kundi pawang sakuna at walang katapusang kahirapan.

**Tatalunin ang mga Kaaway na Bansa**

[12]Ang ingay ng napakaraming tao ay parang ugong ng karagatan. Rumaragasa ang mga bansa na parang hampas ng mga alon.

[13]Nagkakaingay ang mga bansa na tulad ng daluyong ng tubig, ngunit pinigil sila ng Diyos, at sila'y tumakas, parang alikabok na inililipad ng hangin sa ibabaw ng burol at dayaming tinatangay ng ipu-ipo.

[14]Sa gabi'y magsasabog sila ng sindak ngunit pagsapit ng umaga'y wala na sila. Ganyan ang mangyayari sa mga umaapi sa atin, iyan ang sasapitin ng mga nagnakaw ng ating mga ari-arian.

## Isaias 18

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Paparusahan ng Diyos ang Etiopia

1Pumapagaspas ang pakpak ng mga kulisap sa isang lupain sa ibayo ng mga ilog ng Etiopia,

2mula roo'y may dumating na mga sugo sakay ng mga bangkang yari sa tambo, at sumusunod sa agos ng Ilog Nilo. Bumalik na kayo, mabibilis na tagapagbalita, sa inyong lupain na hinahati ng mga ilog, sa inyong bayan na ang tao'y matatangkad at makikinis ang balat, bayang kinagugulatan ng lahat, makapangyarihan at mapanakop.

3Makinig kayong lahat na mga naninirahan sa daigdig! Abangan ninyo ang pagtataas ng watawat sa ibabaw ng bundok, hintayin ninyo ang tunog ng trumpeta!

4Sapagkat ganito ang sabi sa akin ni Yahweh: "Buhat sa aking kinaroroonan, tahimik akong nagmamasid, parang sinag ng araw kung maaliwalas ang langit, parang ulap na may dalang hamog sa tag-araw.

5Sapagkat bago dumating ang anihan kapag tapos na ang pamumulaklak at kapag nahinog na ang mga ubas, ang mga sanga ay puputulin ng matatalas na karit saka itatapon.

6Ibibigay sila sa ibong mandaragit at sa mababangis na hayop. Kakainin sila ng mga ibon sa tag-araw at ng mga hayop sa taglamig."

7Sa panahong iyon, dadalhin kay Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ang mga handog na galing sa lupaing ito, sa lupaing hinahati ng mga ilog. Magpapadala ng kanilang handog ang malakas na bansa, ang mga taong matatangkad at makikinis ang balat, na kinatatakutan sa buong daigdig. Pupunta sila sa Bundok ng Zion, sa lugar na nakalaan sa pagsamba kay Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

## Isaias 19

### Paparusahan ang Egipto

1Narito ang pahayag tungkol sa Egipto: Tingnan ninyo! Nakasakay si Yahweh sa isang mabilis na ulap patungo sa Egipto. Nanginginig sa takot ang mga diyus-diyosan ng Egipto, at ang mga Egipcio'y naduwag.

2Ang sabi ni Yahweh: "Paglalaban-labanin ko ang mga Egipcio: Kapatid laban sa kapatid, kasama laban sa kasama, lunsod laban sa lunsod, kaharian laban sa kaharian.

3Masisiraan ng loob ang mga Egipcio, at guguluhin ko ang kanilang mga balak, hihingi sila ng tulong sa mga diyus-diyosan, sa mga mangkukulam, sa mga nakikipag-usap sa espiritu ng patay at manghuhula.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Ibibigay ko ang Egipto sa kamay ng isang malupit na panginoon; isang mabagsik na hari ang sasakop sa kanila.” Ito ang sabi ni Yahweh na Makapangyarihang Panginoon.

5Bababaw ang tubig sa Ilog Nilo, at unti-unting matutuyo.

6Babaho ang mga kanal, ang Ilog Nilo ng Egipto ay mauubusan ng tubig, at matutuyo rin ang mga tambo at mga talahib.

7Malalanta ang mga halaman sa pampang ng Nilo, itataboy ng hangin, at hindi na muling makikita.

8Magluluksa ang mga mangingisda, at mananaghoy ang lahat ng namimingwit, ang mga naghahagis naman ng lambat ay manlulupaypay.

9Manghihina ang loob ng mga gumagawa ng kasuotang linen;

10manlulupaypay ang mga humahabi ng tela, at mawawalan ng pag-asa ang mga manggagawa.

11Hangal kayong lahat, mga pinuno ng Zoan! Kayong matatalinong tagapayo ng Faraon, pawang walang saysay ang inyong ipinapayo. Paano ninyo masasabi sa Faraon: “Ako'y mula sa lahi ng mga matatalino at ang mga ninuno ko'y hari noong unang panahon?”

12Nasaan, Faraon, ang iyong mga matatalino? Bakit hindi nila sabihin sa iyo ngayon ang plano ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat laban sa Egipto?

13Hangal ang mga pinuno ng Zoan, at baliw ang mga pinuno ng Memfis; iniligaw nila ang Egipto tungo sa kapahamakan.

14Ginulo ni Yahweh ang kanilang pag-iisip. Iniligaw nila ang Egipto sa lahat nitong ginagawa, animo'y lasing itong pasuray-suray at nagsusuka habang daan.

15Walang sinuman sa Egipto, dakila man o karaniwang tao ang makakapagbigay ng tulong.

**Sasambahin na ng Egipto si Yahweh**

16Sa araw na iyon, ang mga Egipcio'y magiging parang mga babaing manginginig sa takot kapag iniunat na ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ang kanyang kamay upang sila'y parusahan.

17Masisindak ang mga Egipcio sa mga taga-Juda marinig lamang nila ang pangalan nito, dahil sa balak ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat laban sa kanila.

18Sa araw na iyon, limang lunsod sa Egipto ang gagamit ng wikang Hebreo, at manunumpa sila sa pangalan ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat. Isa sa mga lunsod na ito ay tatawaging Lunsod ng Araw.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Si Yahweh ay ipagtatayo sa Egipto ng isang altar at siya'y pararangalan sa pamamagitan ng isang haliging bato sa may hangganan ng lupain.

20Iyan ang magiging palatandaan na si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ay naroon at sila'y bibigyan niya ng tagapagtanggol kapag sila'y humingi ng tulong sa panahon ng pag-uusig.

21Magpapakilala si Yahweh sa mga Egipcio at siya nama'y kanilang kikilanlin, sasambahin at aalayan ng handog na susunugin. Gagawa sila ng mga sinumpaang pangako kay Yahweh at ang mga iyon ay kanilang tutuparin.

22Paparusahan ni Yahweh ang mga Egipcio, ngunit sila nama'y kanyang aaliwin. Manunumbalik sila sa kanya at sila'y kanyang diringgin at pagagalingin.

23Sa araw na iyon, magkakaroon ng isang malawak na daan buhat sa Egipto patungo sa Asiria. Makakapunta sa Asiria ang mga Egipcio at ang mga taga-Asiria ay makakapunta sa Egipto; sila'y sama-samang sasamba.

24Sa araw na iyon, ang Israel ay magiging kapanalig ng Egipto at Asiria, at sila'y magiging pagpapala sa buong daigdig.

25Sa araw na iyon, sasabihin ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: “Pagpapalain kita Egipto na aking bayan; ikaw Asiria na aking itinatag, at ikaw Israel na aking pinili.”

## Isaias 20

### Paparusahan ang Egipto at Etiopia

1Noong taon na ang Asdod ay salakayin at sakupin ng pinakamataas na heneral na sinugo ni Haring Sargon ng Asiria,

2sinabi ni Yahweh kay Isaias na anak ni Amoz, “Hubarin mo ang iyong damit-panluksa at mag-alis ka ng sandalyas.” Gayon nga ang ginawa ni Isaias at lumakad siyang hubad at nakayapak.

3Pagkatapos, sinabi ni Yahweh, “Kung paanong ang lingkod kong si Isaias ay tatlong taóng lumalakad na hubad at nakayapak, bilang tanda ng mga mangyayari sa Egipto at Etiopia,

4gayundin bibihagin ng hari ng Asiria ang mga Egipcio at mga taga-Etiopia. Matanda't bata'y kakaladkaring nakayapak at hubad na ang mga pigi ay nakalabas. O anong laking kahihiyan sa Egipto!

5Dahil dito'y manlulumo at masisiraan ng loob ang lahat ng nagtiwala sa Etiopia na kanilang inaasahan at sa Egipto na kanilang ipinagmamalaki.

6Sa araw na iyon, sasabihin ng mga naninirahan sa baybaying-dagat, ‘Tingnan ninyo ang nangyari sa mga bansang ating inaasahan! Sila pa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

naman ang inaasahan nating magtatanggol sa atin laban sa hari ng Asiria! Paano na tayo makakaligtas ngayon?'"

## Isaias 21

### Ang Pagbagsak ng Babilonia

1Ito ang pahayag tungkol sa Babilonia: Parang ipu-ipong humahagibis mula sa disyerto ang manlulupig ng Negeb mula sa isang nakakapangilabot na lupain.

2Nakita ko ang isang pangitaing puno ng kalupitan, kataksilan, at pagkawasak. Sugod, Elam! Sakupin mo, Media. Wawakasan ko na ang ginawang pagpapahirap ng Babilonia.

3Dahil dito, nakadama ako ng matinding takot, namilipit ako sa sakit tulad ng isang babaing nanganganak; ako'y nakayuko kaya hindi makarinig, ako'y nalilito kaya hindi makakita.

4Pinanghihinaan ako ng loob, nangangatal ako sa takot; ang pananabik ko sa takipsilim ay naging isang pagkasindak.

5Sa aking pangitain ay handa na ang hapag-kainan; nakalatag na rin ang mga alpombra upang upuan ng mga panauhin; sila'y nagkakainan at nag-iinuman. Ngunit isang utos ang biglang narinig: "Tumayo kayo, mga pinuno, at langisan ang mga kalasag."

6At ganito ang sabi sa akin ni Yahweh: "Lumakad ka na at maglagay ng bantay at iulat ang kanyang mga nakikita.

7Kung makakita siya ng mga kawal na nakasakay sa mga kabayo, at mga kawal na nakasakay sa asno at kamelyo, dapat siyang maging handa at ang kahandaan niya'y kailangang maging lubos."

8Sumigaw ang bantay, "Maghapon po akong nasa tore. Buong gabi'y nakabantay sa aking bantayan."

9Walang anu-ano'y nagdatingan ang mga kawal na nakakabayo, dala-dalawa, at nag-ulat ang bantay, "Bumagsak na! Bumagsak na ang Babilonia! Nagkalat sa lansangan ang durug-durog niyang mga diyus-diyosan!"

10Bayan ko, matagal nang ikaw ay tila trigong ginigiik, may magandang balita ako sa iyo mula kay Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel.

### Ang Pahayag tungkol sa Edom

11Ito ang pahayag tungkol sa Edom: May tumatawag sa akin mula sa Seir, "Bantay, gaano pa ba kahaba ang gabi? Gaano pa ito katagal?"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Sumagot ang bantay: “Mag-uumaga na ngunit muling sasapit ang gabi; bumalik na lang kayo kung nais ninyong magtanong muli.”

### Ang Pahayag tungkol sa Arabia

13Ito ang pahayag tungkol sa Arabia: Kayong manlalakbay na mga taga-Dedan, na nakahimpil sa mga disyerto ng Arabia,

14bigyan ninyo ng inumin ang mga nauuhaw. Kayo naman, mga taga-Tema, salubungin ninyo at pakanin ang mga bihag.

15Sila'y tumatakas sa mga espadang nakaamba, sa panang nakahanda, at sa panganib na dulot ng digmaan.

16Ganito ang sabi sa akin ni Yahweh: “Sa loob ng isang taon, ayon sa pagbilang ng upahang manggagawa, magwawakas ang kadakilaan ng Kedar.

17Ilan lamang sa magigiting niyang kawal na mamamana ang matitira. Ito ang sabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel.”

## Isaias 22

### Ang Pahayag tungkol sa Jerusalem

1Ito ang pahayag tungkol sa Libis ng Pangitain: Anong nangyayari sa inyo? Bakit kayong lahat ay nagdiriwang sa bubong ng inyong mga bahay?

2Ang buong lunsod ay nagkakagulo; punô ng ingay at kasayahan. Ang mga anak mo'y namatay hindi sa pamamagitan ng espada; hindi sila nasawi sa isang digmaan.

3Nagsitakas nang lahat ang inyong mga pinuno ngunit nahuling walang kalaban-laban. Ang lahat ninyong mandirigma ay nabihag na rin kahit nakatakas na at malayo na ang narating.

4Kaya sinabi ko, “Pabayaan ninyo ako! Hayaan ninyong umiyak ako nang buong pait; huwag na kayong magpumilit na ako'y aliwin, dahil sa pagkawasak ng aking bayan.”

5Sapagkat ito'y araw ng kaguluhan, pagyurak at pagkalito na itinalaga ni Yahweh, ang Makapangyarihang Panginoon, sa Libis ng Pangitain. Araw ng pagpapabagsak ng mga pader; araw ng panaghoy na maririnig sa kabundukan.

6Dala ng mga taga-Elam ang kanilang mga pana, sakay ng kanilang mga karwahe at kabayo, at dala naman ng mga taga-Kir ang kanilang kalasag.

7Ang magaganda ninyong libis ay puno ng mga karwahe, at sa mga pintuan ng Jerusalem ay nakaabang ang mga kabayuhan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Durog na ang lahat ng tanggulan ng Juda. Kapag nangyari ito, ilabas ninyo ang mga sandata mula sa arsenal.

9Sa araw na iyon nakita ninyo na maraming sira ang tanggulan ng Lunsod ni David at nag-imbak kayo ng tubig mula sa ibabang tipunan.

10Binilang ninyo ang mga bahay sa Jerusalem at giniba ninyo ang ilan sa mga iyon upang gamitin ang mga bato sa pagpapatibay sa pader ng lunsod.

11Gumawa kayo ng imbakan ng tubig sa pagitan ng dalawang pader, at pinuno ninyo iyon ng tubig mula sa Lumang Tipunan. Ngunit hindi ninyo naisip ang Diyos na siyang nagplano nito noon pang una at nagsagawa nito.

12Nanawagan sa inyo si Yahweh, ang Makapangyarihang Panginoon, upang kayo'y manangis at managhoy, upang ahitin ninyo ang inyong buhok at magsuot ng damit-panluksa.

13Ngunit sa halip, nagdiwang kayo at nagpakasaya, nagpatay kayo ng tupa at baka upang kainin, at nag-inuman kayo ng alak. Ang sabi ninyo: “Kumain tayo at uminom, sapagkat bukas, tayo'y mamamatay.”

14Ganito ang ipinahayag sa akin ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: “Ang kasalanang ito'y hindi ipapatawad sa inyo, hanggang sa kayo'y mamatay.”

**Babala Laban kay Sebna**

15Ganito ang sabi sa akin ni Yahweh, ang Makapangyarihang Panginoon: “Puntahan mo si Sebna, ang katiwala ng palasyo at sabihin mo sa kanya:

16‘Anong karapatan mong pumarito? Sinong nagpahintulot sa iyo na humukay ng sariling libingang bato na inukab sa gilid ng bundok?

17Sino ka man ay dadamputin ka ni Yahweh at itatapon sa malayo!

18Parang bola kang dadamputin at ihahagis sa malayong lupain. Doon ka mamamatay, sa tabi ng ipinagmamalaki mong mga karwahe, ikaw ang nagdadala ng kahihiyan sa sambahayan ng iyong panginoon.’

19Aalisin kita sa iyong katungkulan, palalayasin kita sa iyong kinalalagyan.

20Tatawagin ko sa araw na iyon ang aking lingkod, si Eliakim na anak ni Hilkias.

21Siya ang pagsusuutin ko ng iyong buong kasuotan, ibibigay ko sa kanya ang iyong kapangyarihan, siya ang magiging ama ng mga taga-Jerusalem at ng mga taga-Juda.

22Ibibigay ko sa kanya ang susi ng sambahayan ni David; walang makakapagsara ng anumang buksan niya, at walang makakapagbukas ng anumang sarhan niya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

23Itatayo ko siyang parang haligi ng tolda, itatayo ko nang matibay sa isang matatag na lugar, at siya'y magiging marangal na trono sa sambahayan ng kanyang ama."

24Sa kanya maaatang ang lahat ng kaluwalhatian ng sambahayan ng kanyang ama. Ang kanyang mga kamag-anak ay sa kanya aasa, parang mga sisidlan, mga kopa at palayok na nakasabit.

25"Kung magkagayon," ang sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, "mababali ang sabitan at malalaglag. At ang lahat ng nakasabit doon ay madudurog."

## Isaias 23

### Ang Pahayag Laban sa Tiro at Sidon

1Ito ang pahayag tungkol sa Tiro: Manangis kayo, mga mangangalakal sa Tarsis, sapagkat ang Tiro na inyong daungan ay wasak na; wala na kayong mga tahanang matitirhan! Ito'y inihayag na sa inyo mula sa lupain ng Cyprus.

2Tumahimik kayo, mga nakatira sa dalampasigan; kayong mga mangangalakal ng Sidon, nagpadala kayo ng inyong mga mensahero sa ibayong dagat,

3upang bilhin at ipagbili ang mga trigo ng Sihor, ang trigong inani sa kapatagan ng Nilo, at upang makipagkalakal sa lahat ng bansa.

4Lunsod ng Sidon, mahiya ka naman! Isinusuka ka na ng karagatan, sapagkat ganito ang kanyang pahayag: "Kailanma'y hindi ako nagkaanak; wala akong pinalaking mga anak na lalaki at babae."

5Kapag umabot sa mga Egipcio ang pagkawasak ng Tiro, sila'y tiyak na magigimbal at mapapahiya.

6Tumawid kayo sa Tarsis; manangis kayo mga nakatira sa dalampasigan!

7Ito ba ang masaya at maingay na lunsod ng Tiro na natatag noon pang unang panahon? Ito ba ang lunsod na nagsugo ng mga mamamayan sa ibayong dagat upang doo'y magtayo ng mga bayan?

8Sinong nagbalak nito laban sa maharlikang lunsod ng Tiro, na kinikilala ang mga dakilang mangangalakal, at pinaparangalan sa lahat ng bansa?

9Si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ang nagplano nito upang hamakin ang kanilang kataasan at hiyain ang mga taong dinadakila ng sanlibutan.

10Kayong mangangalakal ng Tarsis, sakahin na ninyo ang inyong lupain na tulad ng Nilo, sapagkat wala nang gagambala sa inyo.

11Ang parusa ni Yahweh ay abot hanggang sa ibayong dagat at ibinagsak ang mga kaharian; iniutos na niyang wasakin ang mga kuta sa Canaan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Ang sabi ni Yahweh, “Lunsod ng Sidon, tapos na ang maliligayang araw mo! Kahit na pumunta ka sa Cyprus ay nanganganib ka pa rin.”

13Masdan ninyo ang lupain ng mga taga-Babilonia, ang bayang ito ay hindi Asiria, at ang Tiro ay pinananahanan na ng mga ligaw na hayop. Pinaligiran siya ng mga tore at mga kuta, at winasak ang kanyang mga palasyo.

14Manangis kayo mga mangangalakal ng Tarsis, sapagkat wasak na ang inyong inaasahan.

15Pitumpung taon na malilimot ang Tiro, sintagal ng buhay ng isang hari. Ngunit pagkatapos ng panahong iyon, siya'y muling babangon at matutulad sa babaing binabanggit sa awit na ito:

16“Tugtugin mo ang iyong alpa, babaing haliparot, libutin mo ang lunsod; galingan mo ang pagtugtog sa alpa, umawit ka ng maraming awitin upang ikaw ay muling balikan.”

17Pagkatapos ng pitumpung taon, muling lilingapin ni Yahweh ang lunsod ng Tiro. Manunumbalik ito sa dating pamumuhay at muling ibebenta ang sarili sa lahat ng kaharian sa daigdig.

18Ang kanilang tutubuin sa hanapbuhay ay hindi na nila iipunin. Sa halip, ito'y ihahandog nila kay Yahweh upang ibili ng pagkain at kasuotan ng mga taong sumasamba sa kanya.

## Isaias 24

### Paparusahan ni Yahweh ang Sanlibutan

1Ang daigdig ay wawasakin ni Yahweh, sasalantain niya ang mga lupain at pangangalatin ang mga tao.

2Iisa ang sasapitin ng lahat—mamamayan at pari, alipin at panginoon; alila at may-ari ng bahay, nagtitinda't namimili, nangungutang at nagpapautang.

3Mawawasak ang daigdig at wala nang papakinabangin dito; mangyayari ito sapagkat sinabi ni Yahweh.

4Matutuyo at malalanta ang lupa, manghihina ang buong sanlibutan. Ang langit at ang lupa ay mabubulok.

5Sinira na ang daigdig ng mga naninirahan dito dahil sinuway nila ang katuruan ng Diyos; at nilabag ang kanyang mga utos; winasak nila ang walang hanggang tipan.

6Kaya susumpain ng Diyos ang daigdig, at magdurusa ang mga tao dahil sa kanilang kasamaan, mababawasan ang mga naninirahan sa lupa; kaunti lamang ang matitira sa kanila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Mauubos ang alak, malalanta ang ubasan, ang mga nagsasaya'y daranas ng kalungkutan.

8Ang masayang tugtog ng tamburin ay hindi na maririnig; titigil na ang ingay ng mga nagsasaya; mapaparam ang masayang tunog ng alpa!

9Mawawala na rin ang pag-iinuman ng alak sa saliw ng awitan, ang alak ay magiging mapait sa panlasa.

10Magulo ang lunsod na winasak; ang pintuan ng bawat tahanan ay may harang upang walang makapasok.

11Sa mga lansangan ay sumisigaw sila dahil kulang ng alak, nawala na ang kagalakan at nauwi sa kalungkutan; lahat ng kasayahan ay napawi sa lupa.

12Naguho na ang buong lunsod, ang pinto nito'y nagkadurug-durog.

13Ganyan din ang mangyayari sa lahat ng bansa sa buong daigdig; parang puno ng olibo matapos lagasin ang bunga, tulad ng ubasan matapos ang anihan.

14Silang nakaligtas ay aawit dahil sa kagalakan, mula sa kanluran ay kanilang dadakilain si Yahweh.

15Pupurihin siya doon sa silangan, at ipagbubunyi ang pangalan ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, sa baybayin ng dagat.

16May awit ng pagpupuring maririnig, maging sa pinakamalalayong dulo ng daigdig, bilang papuri sa Diyos na Matuwid. Ngunit ang sabi ko naman, “Nalulungkot ako. Nasasayang lamang ang panahon. Wala na akong pag-asa. Patuloy ang panlilinlang ng mga taksil. Palala nang palala ang kanilang pagtataksil.”

17Mga tao sa daigdig, naghihintay sa inyo ang matinding takot, malalim na hukay, at nakaumang na bitag.

18Sinumang tumakas dahil sa takot, sa balong malalim, doon mahuhulog. Pag-ahon sa balon na kinahulugan, bitag ang siyang kasasadlakan. Sapagkat mabubuksan ang durungawan ng langit, at mauuga ang pundasyon ng daigdig.

19Ang daigdig ay tuluyang mawawasak, sa lakas ng uga ito'y mabibiyak.

20Ang lupa'y tulad ng lasenggong pasuray-suray at kubong maliit na hahapay-hapay, sa bigat ng kasalanang kanyang tinataglay, tiyak na babagsak ang sandaigdigan at hindi na babangon magpakailanman.

21Darating ang araw na paparusahan ni Yahweh ang hukbo ng kasamaan sa himpapawid, gayundin ang mga hari dito sa daigdig.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[22]Tulad ng mga bilanggo, ihuhulog silang sama-sama sa isang malalim na balon; ikukulong sila sa piitang bakal, at paparusahan pagkaraan ng maraming araw.

[23]Mawawala ang liwanag ng araw at buwan, at maghahari si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, sa Bundok ng Zion, at sa Jerusalem. Doo'y mahahayag ang kanyang kaluwalhatian, sa harap ng mga pinuno ng bayan.

## Isaias 25

### Awit ng Papuri kay Yahweh

[1]O Yahweh, ikaw ang aking Diyos; pupurihin ko at dadakilain ang iyong pangalan; sapagkat kahanga-hanga ang iyong mga ginawa; buong katapatan mong isinagawa ang iyong mga balak mula pa noong una.

[2]Ang mga lunsod ay iyong iginuho, at winasak ang mga kuta; ibinagsak ninyo ang mga palasyo ng mga dayuhan, at ang mga iyon ay hindi na muling maitatayo.

[3]Kaya dadakilain ka ng taong malalakas, at matatakot sa iyo ang malulupit na lunsod.

[4]Ikaw ang tunay na kanlungan ng mahihirap, at mga nangangailangan, matatag na silungan sa panahon ng unos at nakakapasong init. Sa harap mo'y mabibigo ang mararahas, sila'y parang bagyong humahampas sa matibay na pader.

[5]Ang ingay ng dayuhan ay parang init sa disyerto, ngunit napatahimik mo ang ingay ng mga kaaway; hindi na marinig ang awit ng malulupit, parang init na natakpan ng ulap.

### Naghanda ng Handaan ang Diyos

[6]Sa Bundok ng Zion, aanyayahan ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ang lahat ng bansa para sa isang malaking handaan. Pinakamasasarap na pagkain at alak ang kanyang ipinahanda.

[7]Sa bundok ding ito'y papawiin niya ang ulap ng kalungkutang naghahari sa lahat ng bansa.

[8]Lubusan nang pupuksain ng Panginoong Yahweh ang kamatayan, at papahirin ang mga luha sa kanilang mga mata. Aalisin niya sa kahihiyan ang kanyang bayan.

[9]Sasabihin ng lahat sa araw na iyon: “Siya ang hinihintay nating Diyos na sa ati'y magliligtas, siya si Yahweh na ating inaasahan. Magalak tayo at magdiwang, sapagkat tayo'y kanyang iniligtas.”

### Paparusahan ng Diyos ang Moab

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Iingatan ni Yahweh ang Bundok ng Zion, ngunit ang Moab ay tatapakan; gaya ng dayaming tinatapak-tapakan sa tambakan ng basura.

11Sisikapin ng mga taga-Moab na igalaw ang kanilang mga kamay na parang lumalangoy sa tubig. Ngunit sila'y bibiguin ng Diyos hanggang sa sila'y lumubog.

12Ang matataas niyang pader ay iguguho ni Yahweh, at dudurugin hanggang maging alabok.

## Isaias 26

### Awit ng Pagtitiwala kay Yahweh

1Sa araw na iyo'y ganito ang aawitin sa Juda: “Matatag na ang ating lunsod; si Yahweh ang magtatanggol sa atin at magbibigay ng tagumpay.

2Buksan ang pintuan, at hayaang pumasok ang matuwid na bansa na laging tapat.

3Binibigyan mo ng lubos na kapayapaan ang mga may matatag na paninindigan at sa iyo'y nagtitiwala.

4Magtiwala kayo kay Yahweh magpakailanman, sapagkat ang Diyos na si Yahweh ang walang hanggang kublihan.

5Ibinababâ niya ang mga nasa itaas; ibinabagsak niya ang lunsod na kanilang tinitirhan; hanggang maging alabok ang mga pader nito.

6Ito'y tinapak-tapakan ng mga taong hinamak; at ginagawang tuntungan ng mahihirap.”

7Patag ang daan ng taong matuwid, at ikaw, O Yahweh, ang dito'y pumatag.

8Sinusunod namin ang mga kautusan mo; ikaw lamang ang aming inaasahan.

9Pagsapit ng gabi'y hinahanap-hanap ka ng aking kaluluwa, nangungulila sa iyo ang aking espiritu. Kapag hinatulan mo ang mga tao sa daigdig, malalaman nila kung ano ang matuwid.

10Kahit mahabag ka sa taong masama, hindi rin siya matututong mamuhay nang tapat; kahit na kasama siya ng bayang matuwid, kadakilaan ni Yahweh ay hindi pa rin mapapansin.

11Nagbabala ka ng parusa, O Yahweh, ngunit hindi rin nila ito pinansin. Kaya ipadama mo sa kanila ang nakahandang parusa, upang makita nila ang pagmamahal mo sa iyong bayan.

12Ikaw ang nagbibigay sa amin ng kapayapaan, at anumang nagawa nami'y dahil sa iyong kalooban.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13O Yahweh, aming Diyos, may ibang panginoong sa ami'y nanguna, ngunit ang pangalan mo lamang ang aming kinikilala!

14Mga patay na sila at hindi na mabubuhay, sapagkat pinarusahan mo at winasak na ganap, hindi na sila maaalala kailanman.

15Pinaunlad mo ang iyong bansa, O Yahweh, at pinalawak mo rin ang kanyang lupain. Dahil dito'y karapat-dapat kang parangalan.

16Hinanap ka nila sa gitna ng hirap, nang parusahan mo'y ikaw ang tinawag.

17Sa iyong harapan, katulad nami'y babaing manganganak, na napapasigaw sa tindi ng hirap.

18Matinding hirap ang aming dinanas, ngunit ito'y nawalan ng kabuluhan, wala kaming napagtagumpayang labanan, at wala kaming anak na magmamana ng lupain.

19Ngunit muling mabubuhay ang mga anak mong namatay, mga bangkay ay gigising at aawit na may galak; kung paanong ang hamog sa lupa ay nagpapasariwa, ang espiritu ng Diyos ay nagbibigay-buhay.

### Ang Kahatulan at Panunumbalik

20Pumasok kayo sa inyong bahay, bayan kong hinirang, isara ninyo ang mga pinto, magtago kayo hanggang humupa ang galit ni Yahweh.

21Sapagkat darating si Yahweh mula sa kalangitan, upang parusahan ang mga tao sa daigdig dahil sa kanilang mga kasalanan. Sa sandaling ito'y mahahayag ang mga lihim na pagpaslang at mabubunyag pati ang kanilang libingan.

## Isaias 27

### Ililigtas ang Israel

1Sa araw na iyon, gagamitin ni Yahweh ang kanyang malupit at matalim na espada; paparusahan niya ang Leviatan, ang tumatakas na dragon, at papatayin niya ang halimaw na nakatira sa dagat.

2Sa araw na iyon, sasabihin niya sa kanyang mainam na ubasan,

3“Akong si Yahweh ang nag-aalaga ng ubasang ito na dinidilig bawat sandali, at binabantayan ko araw at gabi upang walang manira.

4Hindi na ako galit sa aking ubasan, ngunit sa sandaling may makita akong mga tinik, ang mga ito'y titipunin ko at saka susunugin.

5Ngunit kung nais nilang sila'y aking ingatan, ang dapat nilang gawin, makipagkasundo sa akin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Darating ang araw na mag-uugat ang lahi ni Jacob, mamumulaklak ang Israel, magbubunga ng marami at mapupuno ang buong daigdig.

7Pinarusahan ba ng Diyos ang Israel gaya ng ginawa sa mga kaaway nito? Pinatay ba niya ang mga Israelita tulad ng ginawa sa pumaslang sa kanila?

8Hinayaan ni Yahweh na mabihag ang kanyang bayan bilang parusa; tinangay sila ng malakas na hangin buhat sa silangan.

9Patatawarin lang sila kung wawasakin nila ang mga altar at itatapon ang larawan ng diyus-diyosang si Ashera, at dudurugin ang altar na sunugan ng insenso.

10Wasak na ang lunsod na siyang tanggulan, para itong disyerto na walang nakatira, at ginawang pastulan na lamang ng mga baka.

11Nabali at natuyo ang mga sanga ng punongkahoy, pupulutin naman ng mga babae at gagawing panggatong. Sapagkat ang bayang ito'y walang pagkaunawa, kaya hindi sila kahahabagan ng Diyos na kanilang Manlilikha.

12Sa araw na iyon ay titipunin ni Yahweh, ang mga Israelita gaya ng inaning trigo; mula sa Ilog Eufrates hanggang sa hangganan ng Egipto.

13Pagtunog ng trumpeta, tatawagin pabalik sa Jerusalem, ang mga Israelitang nangalat sa Asiria at Egipto upang sambahin nila si Yahweh sa banal na bundok sa Jerusalem.

## Isaias 28

### Babala sa Israel

1Kawawa ang Israel, sapagkat naglalaho na ang kanyang karangalan; parang kumukupas na kagandahan ng bulaklak sa ulo ng mga lasenggong pinuno. May pabango nga sila sa ulo ngunit animo'y patay na nakahiga dahil sa kalasingan.

2Narito, may inihanda na ang Panginoon, isang taong malakas at makapangyarihan; sinlakas ito ng isang mapaminsalang bagyo, taglay ang malakas na hangin, ulan at rumaragasang baha, upang palubugin ang buong lupa.

3Yuyurakan ang ipinagmamalaking karangalan ng mga lasenggong pinuno ng Israel.

4Mabilis ang pagkawala ng kanyang nagniningning na kagandahan tulad ng pagkaubos ng mga unang bunga ng igos, na agad kinukuha at kinakain kapag nahinog.

5Sa araw na iyon, si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ang magiging maningning na korona ng mga nalabing hinirang.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Siya ang papatnubay sa mga hukom upang maging makatarungan sa paghatol; at magbibigay ng tapang at lakas sa mga tagapagtanggol ng bayan laban sa mga kaaway.

### Si Isaias at ang mga Lasenggong Propeta ng Juda

7Sumusuray na sa kalasingan ang mga pari at mga propeta kaya sila'y nalilito. Hindi na maunawaan ng mga propeta ang nakikita nilang pangitain; at hindi na matuwid ang paghatol ng mga pari.

8Ang lahat ng mesa'y punô ng kanilang suka, nakakapandiri ang buong paligid.

9Ganito ang sinasabi nila laban sa akin: “Ano kaya ang palagay ng taong ito sa atin; sino bang nais niyang turuan at pagpaliwanagan? Ang sinabi niya'y para lamang sa mga batang musmos na nangangailangan pa ng gatas.

10Sinong makikinig sa kanyang pamamaraan: Isa-isang letra, isa-isang linya, at isa-isang aralin!”

11Kaya naman magsasalita si Yahweh sa bayang ito sa pamamagitan ng mga dayuhan, siya'y magtuturo.

12Ganito ang kanyang sasabihin: “Narito ang tunay na kapahingahan para sa mga napapagal,” ngunit hindi nila ito pinakinggan.

13Kaya ganito ang pagtuturo ni Yahweh sa kanila: “Isa-isang letra, isa-isang linya, at isa-isang aralin;” at sa kanilang paglakad, sila'y mabubuwal, mahuhulog sa bitag, masasaktan at mabibihag.

### Isang Batong Saligan para sa Zion

14Kaya't ngayon ay dinggin ninyo si Yahweh, kayong mga walang galang na pinuno, na namamahala sa Lunsod ng Jerusalem.

15Sapagkat sinabi ninyo, “Nakipagkasundo na kami sa kamatayan, gayundin sa daigdig ng mga patay. Kaya hindi na kami mapapahamak dumating man ang malagim na sakuna; ginawa na naming kuta ang kasinungalingan, at pandaraya ang aming kanlungan.”

16Ito ngayon ang sinasabi ng Panginoong Yahweh: “Naglalagay ako sa Zion ng batong-panulukan, subok, mahalaga, at matatag na pundasyon; ‘Ang magtiwala rito'y hindi mapapahiya.’

17Gagawin kong panukat ang katarungan, at pamantayan ang katuwiran; wawasakin ng bagyo at aanurin ng baha ang lahat ng silungan ng kasinungalingan.”

18Ang pakikipagkasundo mo sa kamatayan at sa daigdig ng mga patay ay mawawalan ng bisa at masisira, at kapag dumating ang baha, lahat kayo'y matatangay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Araw-araw, sa umaga't gabi ang bahang ito'y daraan at kayo'y tatangayin;
maghahasik ito ng sindak at takot upang maunawaan ang mensahe nito.

20Sapagkat mangyayari sa inyo ang isinasaad ng kasabihan: 'Maikli ang
kamang inyong higaan, at makitid ang kumot para sa katawan.'

21Sapagkat tulad ng ginawa sa Bundok ng Perazim, tatayo si Yahweh at
ipadarama ang kanyang galit; tulad din ng ginawa niya sa Libis ng Gibeon,
gagawin niya ang kanyang magustuhan kahit hindi siya maunawaan, at
tanging siya lang ang nakakaalam.

22Kaya huwag ka nang magyabang, baka ang gapos mo ay lalong higpitan.
Sapagkat narinig ko na ang utos ni Yahweh, ang Makapangyarihang
Panginoon, na wasakin ang buong lupain.

**Ang Karunungan ng Diyos**

23Itong aking tinig ay iyong dinggin, ang sinasabi ko'y iyong unawain.

24Ang nagsasaka ba'y lagi na lamang pag-aararo at pagsusuyod ang
gagawin sa kanyang bukid?

25Hindi ba't kung maihanda na ang lupa, ito'y sinasabugan niya ng anis at
linga? Hindi ba tinatamnan niya ito ng trigo't sebada at sa mga gilid naman
ay espelta?

26Iyan ang tamang gawain na itinuro ng Diyos sa tao.

27Ang anis at linga ay hindi ginagamitan ng gulong o mabigat na panggiik.
Banayad lamang itong nililiglig o pinapalo.

28Dinudurog ba ang butil na ginagawang tinapay? Hindi ito ginigiik nang
walang tigil, pinararaanan ito sa hinihilang kariton ngunit hindi pinupulbos.

29Ang mensaheng ito'y mula kay Yahweh na Makapangyarihan sa lahat,
mahusay ang kanyang payo at kahanga-hanga ang kanyang karunungan.

## Isaias 29

**Kinubkob ang Jerusalem**

1Kawawa ang Jerusalem, ang lunsod na himpilan ni David! Hayaang dumaan
ang taunang pagdiriwang ng mga kapistahan,

2at pagkatapos ay wawasakin ko ang lunsod na tinatawag na "altar ng Diyos!"
Maririnig dito ang panaghoy at pagtangis, ang buong lunsod ay magiging
parang altar na tigmak ng dugo.

3Kukubkubin kita, at magtatayo ako ng mga kuta sa paligid mo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Dahil dito, ikaw ay daraing mula sa lupa, maririnig mo ang iyong tinig na nakakapangilabot, nakakatakot na parang tinig ng isang multo, at parang bulong mula sa alabok.

5Ngunit ang lulusob sa iyo ay liliparin na parang abo, parang ipang tatangayin ng hangin ang nakakatakot nilang hukbo.

6Si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ay biglang magpapadala ng dumadagundong na kulog, lindol, buhawi, at naglalagablab na apoy upang iligtas ka.

7Ang lahat ng bansang kumalaban sa Jerusalem, ang kanilang mga sandata at kagamitan, ay maglalahong parang isang panaginip, parang isang pangitain sa gabi.

8Parang isang taong gutom na nanaginip na kumakain, at nagising na gutom pa rin; o taong uhaw na nanaginip na umiinom, ngunit uhaw na uhaw pa rin nang siya'y magising. Gayon ang sasapitin, ng lahat ng bansang lumalaban sa Jerusalem.

**Bulag at Mapagmalaki ang Israel**

9Magwalang-bahala kayo at mag-asal mangmang, bulagin ang sarili at nang hindi makakita! Malasing kayo ngunit hindi sa alak, sumuray kayo kahit hindi nakainom.

10Sapagkat pinadalhan kayo ni Yahweh ng espiritu ng matinding antok; tinakpan niya ang inyong mga mata, kayong mga propeta, tinakpan din niya ang inyong mga ulo, kayong mga manghuhula.

11Ang kahulugan ng lahat ng pangitaing ito ay parang aklat na nakasara. Kung ipababasa mo ito sa taong nakakaunawa, ang sasabihin niya'y, “Ayoko, hindi ko mababasa sapagkat nakasara.”

12Kung ipababasa mo naman sa hindi marunong bumasa, ito ang isasagot sa iyo, “Hindi ako marunong bumasa.”

13Sasabihin naman ni Yahweh, “Sa salita lamang malapit sa akin ang mga taong ito, at sa bibig lamang nila ako iginagalang, subalit inilayo nila sa akin ang kanilang puso, at ayon lamang sa utos ng tao ang kanilang paglilingkod.

14Kaya muli akong gagawa ng kababalaghan sa harapan nila, mga bagay na kahanga-hanga at kataka-taka; mawawalang-saysay ang karunungan ng kanilang mga matatalino, at maglalaho ang katalinuhan ng kanilang matatalino.”

**Ang Pag-asa sa Hinaharap**

15Kaawa-awa ang mga nagtatago kay Yahweh habang sila'y gumagawa ng mga panukala. Sila na nagsasabing: “Doon kami sa gitna ng dilim upang walang makakakilala o makakakita sa amin!”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Binabaligtad ninyo ang katotohanan! Masasabi ba ng palayok sa gumagawa nito, “Hindi naman ikaw ang humugis sa akin;” at masasabi ba ng nilikha sa lumikha sa kanya, “Hindi mo alam ang iyong ginagawa”?

17Tulad ng kasabihan: “Hindi magtatagal at magiging bukirin ang kagubatan ng Lebanon, at ang bukirin naman ay magiging kagubatan.”

18Sa araw na iyon maririnig ng bingi ang pagbasa sa isang kasulatan; at mula sa kadiliman, makakakita ang mga bulag.

19Ang nalulungkot ay muling liligaya sa piling ni Yahweh, at pupurihin ng mga dukha ang Banal na Diyos ng Israel.

20Sapagkat mawawala na ang malupit at mapang-api, gayon din ang lahat ng mahilig sa kasamaan.

21Lilipulin ni Yahweh ang lahat ng naninirang-puri, mga sinungaling na saksi at mga nagkakait ng katarungan sa matuwid.

22Kaya ito ang sinasabi ni Yahweh, ang tumubos kay Abraham, tungkol sa sambahayan ni Jacob: “Wala nang dapat ikahiya o ikatakot man, ang bayang ito mula ngayon.

23Kapag nakita nila ang kanilang mga anak na ginawa kong dakilang bansa, makikilala nila na ako ang Banal na Diyos ni Jacob; igagalang nila ang itinatanging Diyos ni Israel.

24Magtatamo ng kaunawaan ang mga napapalayo sa katotohanan, at tatanggap ng pangaral ang mga matitigas ang ulo.”

## Isaias 30

### Walang Kabuluhang Pakikipagkasundo sa Egipto

1Sinabi ni Yahweh, “Kawawa ang mga suwail na anak, na ang ginagawa'y hindi ayon sa aking kalooban; nakikipagkaisa sila sa iba nang labag sa aking kagustuhan, palala nang palala ang kanilang kasalanan.

2Nagmamadali silang pumunta sa Egipto upang humingi ng tulong sa Faraon; ngunit hindi man lamang sila sumangguni sa akin.

3Mabibigo lamang kayo sa hinahangad ninyong tulong, at kahihiyan lamang ang idudulot ng inaasahan ninyong proteksyon.

4Bagama't nasa Zoan ang kanilang mga pinuno, at ang mga sugo nila'y umabot pa hanggang Hanes,

5mapapahiya lamang kayong lahat, dahil sa mga taong walang pakinabang, hindi naman tumutulong at hindi rin maaasahan, wala silang matatamo kundi kabiguan at kahihiyan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[6]Ito ang mensahe ng Diyos tungkol sa mga hayop sa katimugang disyerto: Sa lupain ng kaguluhan at dalamhati, sa lugar na pinamamahayan ng mga leon, ng mga ulupong at mga lumilipad na dragon; ikinakarga nila ang kanilang kayamanan sa mga asno at mga kamelyo, upang ibigay sa mga taong walang maitutulong.

[7]Ang bansang Egipto'y hindi maaasahan, kaya tinawag ko siyang, "Inutil na Dragon."

**Tumangging Makinig ang Israel**

[8]Halika, at isulat mo sa isang aklat, kung anong uri ng mga tao sila; upang maging tagapagpaalala magpakailanman, kung gaano kalaki ang kanilang kasalanan.

[9]Sapagkat sila'y mapaghimagsik laban sa Diyos, sinungaling at ayaw makinig sa aral ni Yahweh.

[10]Sinasabi nila sa mga tagapaglingkod, "Huwag kayong magsasabi ng katotohanan." At sa mga propeta, "Huwag kayong magpapahayag ng tama. Mga salitang maganda sa aming pandinig ang inyong banggitin sa amin, at ang mga hulang hindi matutupad.

[11]Umalis kayo sa aming daraanan, at ang tungkol sa Banal na Diyos ng Israel ay ayaw na naming mapakinggan."

[12]Kaya ito ang sabi ng Banal na Diyos ng Israel: "Tinanggihan mo ang aking salita, at sa pang-aapi at pandaraya ka nagtiwala.

[13]Kaya darating sa iyo ang malagim na wakas, tulad ng pagguho ng isang marupok na pader na bigla na lamang babagsak.

[14]Madudurog kang parang palayok na ibinagsak nang walang awa; wala kahit isang pirasong malalagyan ng apoy, o pansalok man lamang ng tubig sa balon."

**Magtiwala kay Yahweh**

[15]Sinabi pa ng Panginoong Yahweh, ang Banal na Diyos ng Israel, "Maliligtas kayo kapag kayo'y nagbalik-loob at nagtiwala sa akin; kayo'y aking palalakasin at patatatagin." Ngunit kayo'y tumanggi.

[16]Sinabi ninyong makakatakas kayo, sapagkat mabibilis ang sasakyan ninyong kabayo, ngunit mas mabibilis ang hahabol sa inyo!

[17]Sa banta ng isa, sanlibo'y tatakas, sa banta ng lima'y tatakas ang lahat; matutulad kayo sa tagdan ng bandila na doon naiwan sa tuktok ng burol.

[18]Ngunit si Yahweh ay naghihintay upang tulungan kayo at kahabagan; sapagkat si Yahweh ay Diyos na makatarungan; mapalad ang lahat ng nagtitiwala sa kanya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Pagpapalain ng Diyos ang Kanyang Bayan

19Mga taga-Jerusalem, hindi na kayo mananaghoy kailanman. Si Yahweh ay mahabagin. Kayo'y diringgin niya kapag kayo'y tumawag sa kanya.

20Kung ipahintulot man niya na kayo'y magkasakit o magdanas ng hirap, siya na inyong Guro ay hindi magtatago sa inyo.

21Saan man kayo pumaling, sa kaliwa o sa kanan, maririnig ninyo ang kanyang tinig na nagsasabing, “Ito ang daan; dito kayo lumakad.”

22Tatalikuran na ninyo ang mga diyus-diyosang yari sa pilak at ginto; ibabasura ninyo ang mga iyon at sasabihing: “Lumayo kayo sa akin!”

23Bibigyan niya kayo ng masaganang ulan para sa inyong mga tanim upang kayo'y mag-ani nang sagana. Ang inyong mga kawan naman ay manginginain sa malawak na pastulan.

24Ang mga baka at asno na ginagamit ninyo sa pagsasaka ay kakain sa pinakamaiinam na pagkain ng hayop.

25Mula sa matataas ninyong mga bundok at burol, aagos ang mga batis, pagdating ng panahon ng kakila-kilabot na pagpuksa at pagwasak sa mga tore.

26Magliliwanag ang buwan na animo'y araw, at ang araw nama'y magliliwanag nang pitong ibayo, parang liwanag ng pitong araw na pinagsama-sama. Ito'y mangyayari sa araw na gamutin at pagalingin ni Yahweh ang sugat ng kanyang bayan.

### Paparusahan ng Diyos ang Asiria

27Tingnan ninyo, dumarating na si Yahweh, nag-aapoy sa galit, sa gitna ng mga ulap; ang mga labi niya'y nanginginig sa galit, at ang dila niya'y tila apoy na nagliliyab.

28Magpapadala siya ng malakas na hangin na tila bahang tumatangay sa lahat ng madaanan. Wawasakin nito ang mga bansa at wawakasan ang kanilang masasamang panukala.

29Masaya kayong aawit sa pagdiriwang ninyo sa gabi ng banal na kapistahan. At sa himig ng tugtog ng plauta, aakyat kayong masaya sa bundok ni Yahweh, ang tagapagtanggol ng Israel.

30Maririnig ang makapangyarihang tinig ni Yahweh at makikita ang pinsalang idudulot ng kanyang kamay dahil sa tindi ng galit na parang apoy na tumutupok at hanging rumaragasa kung may malakas na bagyo.

31Paghaharian ng takot ang mga taga-Asiria kapag narinig nila ang tinig ni Yahweh na nagbabanta ng pagpaparusa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

32Ang bawat hampas ng parusang igagawad sa kanila ni Yahweh ay may kasaliw pang tunog ng mga tamburin at lira.

33Matagal nang nakahanda ang lugar na pagsusunugan sa hari, isang maluwang at malalim na lugar. Hindi mamamatay ang apoy dito at hindi rin mauubos ang panggatong. Ang hininga ni Yahweh na parang nag-aalab na asupre ang patuloy na magpapalagablab sa sunugang iyon.

## Isaias 31

### Ipagtatanggol ng Diyos ang Jerusalem

1Kahabag-habag kayong umaasa sa tulong ng Egipto at nagtitiwala sa bilis ng kanilang mga kabayo, nananalig sa dami ng kanilang mga karwahe, at sa matatapang nilang mangangabayo, sa halip na sumangguni at umasa kay Yahweh, ang Banal na Diyos ng Israel.

2Alam ni Yahweh ang kanyang ginagawa, nagpapadala siya ng salot. At gagawin niya ang kanyang sinabi. Paparusahan niya ang gumagawa ng masama at ang mga tumutulong sa kanila.

3Hindi Diyos ang mga Egipcio; sila'y mga tao rin, karaniwang hayop din ang kanilang mga kabayo at hindi espiritu. Pagkilos ni Yahweh, babagsak ang malakas na bansa, pati ang mga tinulungan nito. Sila'y pare-parehong mawawasak.

4Ito ang sinabi sa akin ni Yahweh: “Walang makakapigil sa akin sa pagtatanggol sa Bundok ng Zion, kung paanong ang leon ay hindi mapipigil sa paglapa nito sa kanyang biktima, kahit pa magsisigaw ang mga pastol. Kaya't sa pagdating ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ay walang makakapigil, upang ipagtanggol ang Zion at ang mga burol nito.

5Tulad ng pag-aalaga ng ibon sa kanyang inakay, gayon iingatan ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ang Jerusalem. Ipagtatanggol niya ito at ililigtas; hindi niya ito pababayaan.”

### Magbalik-loob kay Yahweh

6Sinabi ng Diyos, “Bayang Israel, magbalik-loob ka sa akin, labis-labis na ang ginawa mong paghihimagsik.

7Pagdating ng araw na iyon, itatapon ng bawat isa ang kanyang mga diyus-diyosang pilak at ginto na sila-sila rin ang gumawa.

8“Ang mga taga-Asiria'y malulupig sa digmaan, ngunit hindi tao ang wawasak sa kanila; sila'y magtatangkang tumakas, ngunit aalipinin ang kanilang mga kabataan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Sa tindi ng takot, tatakas ang kanyang pinakapinuno, at iiwan ng mga opisyal ang kanilang bandila.” Ito ang sabi ni Yahweh, ang Diyos na sinasamba at hinahandugan sa Jerusalem.

## Isaias 32

### Ang Matuwid na Hari

1Makikita ninyo, may haring mamamahala nang matuwid, at mga pinunong magpapairal ng katarungan.

2Sila'y magiging kanlungan sa malakas na hangin at pananggalang sa nagngangalit na bagyo; ang katulad nila'y batis sa tuyong lupain, parang malaking batong kublihan sa disyerto!

3Mabubuksan ang kanilang mga mata at tainga sa pangangailangan ng mga tao.

4Magiging matiyaga na sila at maunawain sa bawat kilos, magiging matapat sila sa kanilang sasabihin.

5Ang mga hangal ay hindi na tatawaging dakila; o kaya'y sasabihing tapat ang mga sinungaling.

6Ang sinasabi ng mangmang ay puro kamangmangan, at puro kasamaan ang kanyang iniisip; paglapastangan kay Yahweh ang ginagawa niya't sinasabi. Minsan ma'y hindi siya nagpakain ng nagugutom o nagpainom ng nauuhaw.

7Masama ang gawain ng taong hangal. Ipinapahamak nila ang mahihirap sa pamamagitan ng kasinungalingan, at gumagawa ng paraan upang hindi pakinabangan ang kanilang karapatan.

8Ngunit ang taong marangal ay gumagawa ng tapat, at naninindigan sa kung ano ang tama.

### Paghatol at Pagpapanumbalik

9Kayong mga babaing pabaya, pakinggan ninyo ang aking sasabihin.

10Pagkalipas ng isang taon mabibigo na kayo, sapagkat wala na kayong mapipitas na bunga ng ubas.

11Manginig kayo sapagkat matagal kayong nagpabaya at nagwalang bahala. Maghubad kayo ng inyong kasuotan, at magsuot ng damit-panluksa.

12Dagukan ninyo ang inyong dibdib sa kalungkutan sapagkat wasak na ang masaganang bukirin at ang mabunga ninyong ubasan.

13Tinubuan na ito ng mga tinik at dawag. Tangisan ninyo ang dating masasayang tahanan, at lunsod na noo'y puno ng kagalakan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[14]Pati ang palasyo ay pababayaan at ang pangunahing-lunsod ay mawawalan ng tao. Ang mga burol at tore ay guguho; ang lupain ay magiging tirahan ng maiilap na asno at pastulan ng mga tupa.

[15]Ngunit minsan pang ibubuhos sa atin ang espiritu ng Diyos. Ang disyerto ay magiging matabang lupa at ang bukirin ay pag-aanihan nang sagana.

[16]Ang katarungan at katuwiran ay maghahari sa buong lupain.

[17]Ang bunga ng katuwiran ay kapayapaan; at ito'y magdudulot ng katahimikan at pagtitiwala magpakailanman.

[18]Ang bayan ng Diyos ay mamumuhay sa isang payapa, ligtas, at tahimik na pamayanan.

[19]Kahit pa umulan ng yelo sa kagubatan at mapatag ang kabundukan.

[20]Magiging maligaya ang lahat dahil sa saganang tubig para sa mga pananim at malawak na pastulan ng mga baka at asno.

## Isaias 33

### Si Yahweh ang Magliligtas

[1]Mapapahamak ang aming mga kaaway! Sila'y nagnakaw at nagtaksil, kahit na walang gumawa sa kanila ng ganito. Ngunit magwawakas ang ginagawa nilang ito, at sila'y magiging biktima rin ng pagnanakaw at pagtataksil.

[2]Kahabagan mo kami, O Yahweh, kami'y naghihintay sa iyo; ingatan mo kami araw-araw at iligtas sa panahon ng kaguluhan.

[3]Kapag ikaw ay nasa panig namin, tumatakas ang mga kaaway dahil sa ingay ng labanan.

[4]Ang ari-arian nila'y nalilimas, parang pananim na dinaanan ng balang.

[5]Dakila si Yahweh! Ang trono niya'y ang kalangitan, maghahari siya sa Zion na may katarungan at katuwiran.

[6]Siya ang magpapatatag sa bansa, ililiigtas niya ang kanyang bayan, at binibigyan ng karunungan at kaalaman; ang pangunahing yaman nila, si Yahweh'y sundin at igalang.

[7]Ang matatapang ay napapasaklolo, ang mga tagapamayapa ay naghihinagpis.

[8]Sapagkat wala nang tao sa mga lansangan, mapanganib na ang doo'y dumaan. Mga kasunduan ay di na pinahahalagahan, at wala na ring taong iginagalang.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Ang tuyong lupa'y parang nagluluksa, ang kagubatan ng Lebanon ay nalalanta; naging parang disyerto na ang magandang lupain ng Sharon; gayundin ang Bundok ng Carmel at ang Bashan.

10“Kikilos ako ngayon,” ang sabi ni Yahweh sa mga bansa, “At ipapakita ko ang aking kapangyarihan.”

11Walang kabuluhan ang mga plano ninyo, at ang mga gawa ninyo ay walang halaga; dahil sa aking poot tutupukin kayo ng aking espiritu.

12Madudurog kayong tulad ng mga batong sinunog para gawing apog. Kayo'y magiging abo, na parang tinik na sinunog.

13Kayong mga nasa malayo, pakinggan ninyo ang ginawa ko; kayong mga nasa malapit, kilalanin ninyo ang kapangyarihan ko.

14Nanginginig sa takot ang mga makasalanan sa Zion. Sabi nila, “Parang apoy na hindi namamatay ang parusang igagawad ng Diyos. Sino ang makakatagal sa init niyon?”

15Ngunit maliligtas kayo kung tama ang sinasabi ninyo at ginagawa. Huwag ninyong gagamitin ang inyong kapangyarihan para apihin ang mahihirap; huwag kayong tatanggap ng suhol; huwag kayong makikiisa sa mga mamamatay-tao; o sa mga gumagawa ng kasamaan.

16Sa gayon, magiging ligtas kayo, parang nasa loob ng matibay na tanggulan. Hindi kayo mawawalan ng pagkain at inumin.

**Ang Kinabukasang Punung-puno ng Pag-asa**

17Makikita ninyo ang kaningningan ng hari na mamamahala sa buong lupain.

18Mawawala na ang kinatatakutang mga dayuhang tiktik at maniningil ng buwis.

19Mawawala na rin ang mga palalong dayuhan na hindi maunawaan kung anong sinasabi.

20Masdan mo ang Zion, ang pinagdarausan natin ng mga kapistahan! Masdan mo rin ang Jerusalem, mapayapang lugar, magandang panahanan. Ito'y parang matatag na toldang ang mga tulos ay nakabaon nang malalim at ang mga lubid ay hindi na kakalagin.

21Ang kaluwalhatian ni Yahweh ay ihahayag sa atin. Maninirahan tayo sa baybayin ng malalawak na ilog at batis na hindi mapapasok ng sasakyan ng mga kaaway.

22Sapagkat si Yahweh ang ating hukom, siya ang mamamahala, at siya rin ang haring magliligtas sa atin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Ngayon, tulad mo'y mahinang barko, hindi mapigil ang lubid o mailadlad
ang mga layag. Ngunit pagdating ng panahong iyon, maraming
masasamsam sa mga kaaway, at pati mga pilay ay bibigyan ng bahagi.

24Wala nang may sakit na daraing doon, patatawarin na lahat ng mga
kasalanan.

## Isaias 34

### Hahatulan ng Diyos ang mga Bansa

1Lumapit kayo mga bansa, makinig kayo buong bayan! Halikayo at pakinggan
ang aking sasabihin, kayong lahat na nasa ibabaw ng lupa.

2Sapagkat si Yahweh ay napopoot sa lahat ng bansa, matindi ang kanyang
galit sa kanilang mga hukbo; sila'y hinatulan na at itinakdang lipulin.

3Ang kanilang mga bangkay ay ikakalat; ito'y mabubulok at aalingasaw sa
baho, at ang mga bundok ay babaha sa dugo.

4Ang araw, buwan at mga bituin ay malalaglag at madudurog at ang
kalangita'y irorolyong parang balumbon. Ang mga bituin ay malalaglag na
parang mga tuyong dahon ng igos na nalalagas.

### Ang Pagkawasak ng Edom

5Si Yahweh ay naghanda ng espada sa kalangitan upang gamitin laban sa
Edom, sa bayang hinatulan niyang parusahan.

6Ang espada ni Yahweh ay puno ng dugo at taba; iyon ay dugo ng mga tupa
at kambing, at taba ng lalaking tupa. Sapagkat siya'y maghahandog sa
Bozra, marami siyang pupuksain sa Edom.

7Sila'y mabubuwal na parang maiilap na toro at barakong kalabaw,
matitigmak ng dugo at mapupuno ng taba ang buong lupain.

8Sapagkat si Yahweh ay may nakatakdang araw ng paghihiganti, isang taon
ng paghihiganti alang-alang sa Zion.

9Ang mga batis ng Edom ay magiging alkitran, at magiging asupre ang
kanyang lupa, ang buong bansa ay masusunog na parang aspalto.

10Araw-gabi'y hindi ito mamamatay, at patuloy na papailanlang ang usok;
habang panaho'y hindi ito mapapakinabangan, at wala nang daraan doon
kahit kailan.

11Ang mananahan dito'y mga kuwago at mga uwak. Ang lupaing ito'y
lubusang wawasakin ni Yahweh, at iiwang nakatiwangwang
magpakailanman.

12Doo'y wala nang maghahari at mawawala na rin ang mga pinuno.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[13]Tutubuan ng damo ang mga palasyo at ang mga napapaderang bayan, ito
ay titirhan ng mga asong-gubat at pamumugaran ng mga ostrits.

[14]Ang maiilap na hayop ay sasama sa mga asong-gubat, tatawagin ng mga
tikbalang ang kapwa nila maligno; doon bababâ ang babaing halimaw upang
magpahinga.

[15]Ang mga kuwago, doon magpupugad, mangingitlog, mamimisâ at
magpapalaki ng kanilang inakay. Doon din maninirahan ang mga grupo ng
buwitre.

[16]Sa aklat ni Yahweh ay hanapin ninyo at basahin: “Isa man sa kanila'y hindi
mawawala, bawat isa'y mayroong kapareha.” Sapagkat ito'y utos ni Yahweh,
at siya mismo ang kukupkop sa kanila.

[17]Siya na rin ang nagtakda ng kanilang titirhan, at nagbigay ng kani-kanilang
lugar; doon na sila titira magpakailanman.

## Isaias 35

### Ang Landas ng Kabanalan

[1]Muling sasaya ang ulilang lupain na matagal nang tigang; mamumulaklak
ang mga halaman sa disyerto.

[2]Ang disyerto ay aawit sa tuwa, ito'y muling gaganda tulad ng mga Bundok
ng Lebanon at mamumunga nang sagana tulad ng Carmel at Sharon.
Mamamasdan ng lahat ang kaluwalhatian at kapangyarihan ni Yahweh.

[3]Inyong palakasin ang mahinang kamay, at patatagin ang mga tuhod na
lupaypay.

[4]Ito ang sabihin sa pinanghihinaan ng loob: “Huwag kang matakot, lakasan
mo ang iyong loob! Darating na ang Diyos, at ililigtas ka sa mga kaaway.”

[5]Ang mga bulag ay makakakita, at makakarinig ang mga bingi.

[6]Ang mga pilay ay lulundag na parang usa, aawit sa galak ang mga pipi. Mula
sa kaparangan ay aagos ang tubig, at dadaloy sa disyerto ang mga batis.

[7]Ang nakakapasong buhanginan ay magiging isang lawa, sa tigang na lupa
ay bubukal ang tubig. Ang dating tirahan ng mga asong-gubat, ay tutubuan
ng tambo at talahib.

[8]Magkakaroon ng isang maluwang na lansangan, na tatawaging Landas ng
Kabanalan. Sa landas na ito ay hindi makakaraan, ang mga makasalanan at
mga hangal.

[9]Walang leon o mabangis na hayop na makakapasok doon; ito'y para lamang
sa mga tinubos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

10Babalik sa Jerusalem ang mga tinubos ni Yahweh na masiglang umaawit ng pagpupuri. Paghaharian sila ng kaligayahan. Ang lungkot at dalamhati ay mapapalitan ng tuwa at galak magpakailanman.

## Isaias 36

### Ang Banta ng Asiria sa Juda

(2 Ha. 18:13-27; 2 Cro. 32:1-19)

1Noong ika-14 na taon ng paghahari ni Hezekias sa Juda, sinalakay at nasakop ni Haring Senaquerib ng Asiria ang buong lunsod ng Juda.

2Nang si Haring Senaquerib ng Asiria ay nasa Laquis, inutusan niya sa Jerusalem ang kanyang punong ministro, kasama ang isang malaking hukbo upang pasukuin si Haring Hezekias. Ang punong ministro ay hindi agad pumasok sa lunsod kundi naghintay muna sa may padaluyan ng tubig sa daang papasok sa Bilaran ng Tela.

3Doon sila pinuntahan ng punong ministro sa palasyo na si Eliakim, anak ni Hilkias. Kasama niya ang kalihim na si Sebna at ang tagapagtala na si Joa na anak ni Asaf.

4Pagkakita sa kanila'y sinabi ng ministro, "Magbalik kayo kay Hezekias at sabihin ninyo ang ipinapatanong na ito ng hari ng Asiria: 'Ano ba ang ipinagmamalaki mo?

5Akala mo ba'y sapat na ang salita laban sa isang makapangyarihang hukbo? Sino ang inaasahan mo at ikaw ay naghihimagsik laban sa akin?

6Ang Egipto? Para kang nagtutungkod ng baling tambo, masusugatan pa niyan ang iyong kamay. Iyan ang sasapitin ng sinumang magtiwala sa Faraon ng Egipto.

7Kung sasabihin mo namang kay Yahweh na inyong Diyos kayo aasa, hindi ba ang mga altar niya sa burol ang ipinaalis ni Hezekias? Hindi ba't ang utos niya sa mga taga-Jerusalem at taga-Juda ay sa altar lamang sa Jerusalem sila sasamba?

8Ngayon, kung talagang gusto mong subukin ang aming hari, bibigyan kita ng dalawang libong kabayo kung may mapapasakay ka sa mga ito.

9Paano ka makakalaban kahit sa isang maliit na pangkat ng aming hukbo, samantalang sa Egipto ka lamang umaasa ng kailangan mong mga karwahe at mga kawal na nakakabayo?

10Akala mo ba'y sasalakayin ko at wawasakin ang lupaing ito nang walang pahintulot si Yahweh? Siya mismo ang may utos sa akin na salakayin ito at wasakin.'"

11Nakiusap sina Eliakim, Sebna at Joa sa punong ministro ng Asiria. Ang sabi nila, "Baka po maaaring sa wikang Aramaico na lamang tayo mag-usap

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

sapagkat marunong naman kami ng salitang iyan. Huwag na po ninyo kaming kausapin sa wikang Hebreo nang naririnig ng mga nasa itaas ng pader."

12Ngunit sinagot sila ng ministro, "Bakit, ano ba ang akala ninyo? Sinugo ba ako ng panginoon ko upang kayo lamang at ang inyong hari ang balitaan nito? Dapat ding malaman ito ng mga taong ito na tulad ninyo'y dumi rin ang kakainin at ihi ang iinumin pagdating ng takdang panahon."

13Kaya lalong inilakas ng ministro ang kanyang pagsasalita sa wikang Hebreo: "Pakinggan ninyo ang ipinapasabi ng hari ng Asiria.

14Huwag kayong paloloko kay Hezekias, sapagkat hindi niya kayo kayang iligtas.

15Huwag kayong maniniwala sa sinasabi niyang ililigtas kayo ni Yahweh, na ang lunsod na ito'y hindi masasakop ng hari ng Asiria.

16Huwag kayong makinig sa kanya; ang dinggin ninyo'y ang sinabi ng hari ng Asiria, 'Sumuko na kayo at makipagkasundo sa akin! Sa gayon, magiging matiwasay kayo. Kung gagawin ninyo ito, kayo ang makikinabang sa bunga ng inyong ubasan at igos, at kayo rin ang iinom sa tinipon ninyong tubig.

17Pagkatapos, darating ako upang dalhin kayo sa lupaing tulad nito na sagana sa pagkaing butil at alak.

18Huwag kayong maniwala sa sinasabi sa inyo ni Hezekias na ililigtas kayo ni Yahweh. Walang diyos ng ibang bansa na nakapagligtas sa kanila sa kamay ng hari ng Asiria.

19Gaya ng mga diyos sa Hamat at Arpad, nailigtas ba ng mga iyon ang mga tagaroon? At ang mga diyos sa Sefarvaim, nailigtas ba nila ang Samaria sa aking mga kamay?

20Kung ang mga diyos na iyon ay walang nagawa upang ipagtanggol ang kanilang bansa, gaano pa ang inyong si Yahweh? Hindi rin maililigtas nito ang Jerusalem sa aking mga kamay.'"

21Wala ni isa mang kumibo sa kanila sapagkat iniutos ng hari na huwag silang sasagot.

22Dahil dito'y sinira nina Eliakim, Sebna at Joa ang kanilang mga damit, at sama-samang nagbalik kay Hezekias, at iniulat ang lahat ng sinabi ng punong ministro ng Asiria.

## Isaias 37

### Sumangguni si Hezekias kay Propeta Isaias

(2 Ha. 19:1-7)

1Nang marinig ni Haring Hezekias ang kanilang ulat, sinira din niya ang kanyang kasuotan, nagsuot ng damit-panluksa, at pumasok sa Templo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Tinawag niya si Eliakim, ang katiwala sa palasyo, at pinapunta ito kay Isaias, ang propetang anak ni Amoz. Pinasama rin niya ang kanyang kalihim na si Sebna at ang matatandang pari. Lahat sila'y nakadamit-panluksa.

3Ganito ang ipinasabi niya kay Isaias: “Ang araw na ito ay araw ng paghihirap, ng pagpaparusa at kahihiyan. Para tayong isang inang dapat nang magsilang, ngunit hindi magawâ dahil nanghihina.

4Marahil ay narinig ni Yahweh na inyong Diyos ang sinabi ng punong ministro ng Asiria na sinugo ng kanyang hari upang lapastanganin ang Diyos na buháy. Sana'y parusahan niya ang kalapastanganang iyon. Kaya, idalangin mo ang natitira pa sa bayan ng Diyos.”

5Nang marinig ni Isaias ang ipinasabi ni Haring Hezekias,

6sumagot siya, “Sabihin ninyo sa inyong hari na ganito ang ipinapasabi ni Yahweh: ‘Huwag kayong matakot sa mga paglapastangan sa akin ng sugo ng hari ng Asiria.

7Ito ang tandaan ninyo! Padadalhan ko siya ng isang espiritu na lilito sa kanya; at hindi siya patatahimikin ng isang balita. Dahil dito, uuwi siya agad at sa pamamagitan ng espada'y mamamatay siya sa kanyang sariling bayan.’”

**Muling Nagbanta ang Asiria**

(2 Ha. 19:8-19)

8Bumalik nga sa Laquis ang punong ministro at nabalitaan niyang wala roon ang hari ng Asiria, sapagkat sinasalakay nito ang Libna.

9Kaya doon siya tumuloy. Nabalitaan naman ng haring ito na lumabas na ang Haring Tirhaka ng Etiopia upang sila'y salakayin. Kaya nagpasugo muli siya kay Haring Hezekias

10upang sabihin dito: “Huwag kang palinlang sa pinagtitiwalaan mong Diyos na nagsasabing hindi masasakop ng hari ng Asiria ang Jerusalem.

11Alam ninyo ang ginawa ng mga hari ng Asiria sa ibang mga bansa; winasak silang lahat, kayo pa kaya!

12Hindi nailigtas ng mga diyos ang mga bansang winasak ng aming mga magulang. Nariyan ang Gozan, Caran, at Resef; nariyan din ang mga taga-Eden na nasa Telasar. Nailigtas ba sila ng mga ito?

13At nasaan ang hari ng Hamat, ng Arpad, ang hari ng lunsod ng Sefarvaim, ng Hena at ng Iva?”

14Kinuha ni Hezekias ang sulat na dala ng mga sugo, at pagkatapos basahin ay pumasok sa Templo. Isinangguni niya ito kay Yahweh,

15at siya'y nanalangin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16“O Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, Diyos ng Israel, lumikha ng langit at lupa. Ang inyong trono'y nasa ibabaw ng mga kerubin. Kayo lamang ang Diyos ng lahat ng kaharian sa lupa.

17Masdan ninyo ang aming kalagayan, at lingapin ninyo kami. Narito ang liham ni Senaquerib na lumalapastangan sa inyo, ang buháy na Diyos.

18Tunay nga, O Yahweh, na winasak ng mga hari ng Asiria ang lahat ng bansa.

19Sinunog nila ang diyos ng mga ito, sapagkat ang diyos nila'y hindi tunay; mga bato at kahoy lamang na gawa ng mga tao.

20Kaya iligtas mo kami Yahweh, O aming Diyos, sa kamay ni Senaquerib upang malaman ng lahat ng kaharian sa lupa na ikaw lamang, ang tunay na si Yahweh.”

**Ang Mensahe ni Isaias kay Haring Hezekias**

21Pagkatapos, tumanggap si Hezekias ng sulat mula kay Isaias na ganito ang sinasabi: “Dininig ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, ang dalangin mo laban kay Senaquerib,

22at ito ang kanyang tugon: Kinamumuhian ka ng mga taga-Zion, Senaquerib, pinagtatawanan ka at kinukutya ng Jerusalem.

23“Sino sa akala mo ang iyong iniinsulto at hinahamak? Nilapastangan mo ako, ang Banal na Diyos ng Israel!

24Nilait mo ang Panginoon sa pamamagitan ng iyong mga lingkod, ang sabi mo: Sa dami ng aking karwahe, naakyat ko ang ituktok ng mga bundok, naabot ko rin ang kasuluk-sulukan ng Lebanon. Pinutol ko ang nagtataasang puno ng sedar, at ang mga piling puno ng sipres; naabot kong lahat ang pinakamataas na lugar at pusod ng gubat.

25Humukay ako ng maraming balon, at uminom ako ng tubig ng mga iyon. Ang mga ilog at batis sa Egipto, matapakan ko lamang ay agad natutuyo.

26“Dapat mong malaman na noon pang una ang bagay na ito ay matagal ko nang binalak, at ngayo'y pawang natutupad. Itinakda kong ikaw ang magwawasak ng matitibay na lunsod.

27Mga mamamaya'y nawalan ng lakas, nanginig sa takot at napahiya. Sila'y tulad ng halaman sa gitna ng parang, mga murang daho'y nalanta sa araw; katulad ay damo sa bubong ng bahay, hindi pa pinuputol ay tuyo na sa tangkay.

28“Lahat ng iyong gawin ay nalalaman ko, hindi lingid sa akin anumang balak mo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

[29]Dahil sa galit mo't paglaban sa akin at paghahambog mong hindi nalilihim, kaya ang ilong mo'y kakawitin ko at ang bibig mo'y lalagyan ng kandado, at ibabalik kita sa pinanggalingan mo.

[30]“Ito ang magiging palatandaan ninyo: Sa taóng ito, ang kakainin ninyo'y bunga ng halamang dati nang nakatanim. Sa susunod na taon, ang kakainin ninyo'y ang ani sa tutubong supling ng halamang iyon. Ngunit sa ikatlong taon, magtatanim na kayo ng panibago, at ang kakainin ninyo'y ang ibubunga nito.

[31]Ang mga nalabi sa Juda ay parang halamang muling mag-uugat at mamumunga,

[32]sapagkat may malalabi mula sa Jerusalem, at may maliligtas mula sa Bundok ng Zion. Mangyayari ito dahil kay Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

[33]“Kaya ito ang pasya ni Yahweh tungkol sa hari ng Asiria: Hindi siya makakalapit sa lunsod na ito; ni isang palaso ay hindi niya magagamit laban dito. Hindi siya makakalapit na may sandata o makakapagtayo ng tanggulan upang ito'y kubkubin.

[34]Saan man siya magdaan papunta dito, doon rin siya daraang pabalik. Hindi na siya makakapasok sa lunsod na ito. Sapagkat ganito ang sinasabi ni Yahweh.

[35]‘Ipagtatanggol ko at ililigtas ang lunsod na ito alang-alang sa akin at sa lingkod kong si David.’”

**Ang Pagkamatay ni Senaquerib**

[36]Nang gabing iyon, pinatay ng anghel ni Yahweh ang may 185,000 kawal na taga-Asiria sa loob mismo ng kanilang kampo. Kinaumagahan, naghambalang sa kampo nila ang mga bangkay.

[37]Dahil dito, umuwi na si Senaquerib at doon na tumira sa Nineve.

[38]Minsan, samantalang sumasamba siya sa templo ng diyus-diyosan niyang si Nisroc, pinatay siya ng dalawa niyang anak na sina Adramelec at Sarezer sa pamamagitan ng espada. Pagkatapos, tumakas sila at nagtago sa bundok ng Ararat. Humalili kay Senaquerib ang anak niyang si Esarhadon.

## Isaias 38

**Nagkasakit si Hezekias**
(2 Ha. 20:1-11; 2 Cro. 32:24-26)

[1]Nang panahong iyon, nagkasakit nang malubha si Hezekias at nasa bingit na ng kamatayan, kaya siya'y dinalaw ni Isaias na anak ni Amoz. Sinabi niya sa hari ang utos na ito ni Yahweh, “Ipatawag mo ang iyong sambahayan at

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

gawin mo na ang iyong mga huling habilin, sapagkat hindi ka na gagaling; mamamatay ka na."

2Pagkarinig nito, humarap siya sa dingding at nanalangin!

3"O Yahweh, alam mo kung paano ako namuhay sa iyong harapan. Naglingkod ako sa iyo nang tapat at ang ginawa ko'y pawang nakalulugod sa iyong paningin." Pagkatapos, nanangis siya nang malakas.

4Muling nagsalita si Yahweh kay Isaias.

5Ang sabi sa kanya, "Sabihin mo kay Hezekias ang sinasabi ni Yahweh, ang Diyos ng iyong ninunong si David: 'Nakita ko ang iyong pagluha at narinig ko ang iyong dalangin; kaya dadagdagan ko pa ng labinlimang taon ang iyong buhay.

6Hindi lamang iyon, ikaw at ang lunsod na ito'y hindi mapapahamak, sapagkat ipagtatanggol ko kayo laban sa hari ng Asiria.'"

7"Ito ang palatandaang ibibigay sa iyo ni Yahweh para patunayang tutuparin niya ang kanyang pangako.

8Ang anino sa orasan sa palasyo ni Haring Ahaz ay pababalikin niya ng sampung guhit." At gayon nga ang nangyari.

9Ito ang awit na isinulat ni Haring Hezekias ng Juda, matapos na siya'y gumaling:

10"Minsa'y nasabi kong sa katanghalian ng buhay, ako ay papanaw! Sa daigdig ng mga patay ako masasadlak, upang manatili doon sa buong panahon ng aking buhay.

11At nasabi ko ring hindi ko na makikita si Yahweh at sinumang nabubuhay sa lupa.

12Katulad ng toldang tirahan ng pastol, inalis na sa akin ang aking tahanan. Ang abang buhay ko'y pinuputol mo tulad ng tela sa isang tahian; ang aking akala'y wawakasan na ng Diyos ang aking buhay.

13Ako'y lumuluha sa buong magdamag, hindi makatulog, parang nilalansag, parang nilalamon ng leon ang aking buong katawan, ang aking akala'y wawakasan na ng Diyos ang aking buhay.

14Tumataghoy ako dahil sa hirap, parang isang kalapating nakakaawa. Ang mga mata ko ay pagod na rin dahil sa pagtitig doon sa itaas. O Panginoon, sa kahirapang ito ako'y iyong iligtas.

15Ano pa ang aking masasabi? Ang may gawa nito ay ikaw, ngunit masakit ang aking kalooban, at hindi ako makatulog.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16“O Panginoon, ang mga nilikha ay nabubuhay dahil sa iyo, ako'y pagalingin at ang aking lakas sana'y ibalik mo.

17Ang hirap na ito'y aking nalalaman, na tanging ako rin ang makikinabang. Iyong iniligtas ang buhay na ito, hindi mo hinayaang mahulog sa hukay, at pinatawad mo ako sa aking mga kasalanan.

18Ang patay ay hindi na makakapagpuri sa iyo, o makakaasa sa iyong katapatan.

19Mga buháy lamang ang makakapagpuri sa iyo, tulad ng ginagawa ko ngayon, at tulad din ng ama na itinuturo sa mga anak ang katapatan.

20Si Yahweh ang magliligtas sa akin, kaya sa saliw ng tugtog siya'y ating awitan. Sa banal na Templo ni Yahweh, tayo ay umawit habang nabubuhay.”

21Si Isaias ay nagpakuha ng pantapal na igos para sa bukol ni Hezekias, at gumaling naman ito.

22At itinanong ni Hezekias, “Ano ang magiging palatandaan na ako'y maaari nang umakyat sa Templo ni Yahweh?”

## Isaias 39

### Mga Sugo mula sa Babilonia

(2 Ha. 20:12-19)

1Nabalitaan ni Merodac-Baladan na hari ng Babilonia, na anak ni Baladan, na si Hezekias ay gumaling sa kanyang karamdaman. Bilang pagbati, nagpadala siya roon ng mga sugong may dalang sulat at regalo.

2Labis itong ikinagalak ni Hezekias at sa katuwaa'y ipinakita niya sa mga ito ang lahat niyang kayamanan at ari-arian. Ipinakita niya ang mga itinagong pilak, ginto, mga pabango, mamahaling langis, at ang mga sandata sa arsenal. Kaya lahat ng taguan ng kanyang mga kayamanan ay nakita ng mga sugo.

3Nang dumating si Isaias, tinanong niya si Haring Hezekias, “Saan ba nanggaling ang mga taong ito? Anong sinabi nila sa iyo?” Sumagot ang hari, “Sa malayong lugar sila nanggaling; buhat pa sila sa Babilonia.”

4Nagtanong na muli si Isaias, “Ano naman ang nakita nila sa inyong palasyo?” Sinabi ng hari, “Lahat ng ari-arian ko sa palasyo, pati ang laman ng mga bodega.”

5Dahil dito'y sinabi ni Isaias, “Pakinggan ninyo ang ipinapasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat:

6‘Darating ang panahon na ang lahat ng ari-arian ninyo, pati ang tinipon ng inyong mga ninuno ay dadalhin sa Babilonia; walang matitira sa mga iyon!’

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Pati ang iyong salinlahi na ipapanganak pa lamang ay dadalhin sa Babilonia at gagawin nilang mga eunuko sa palasyo ng hari."

8"Ang sinabi mong iyan buhat kay Yahweh ay mabuti," sagot ni Hezekias. Sinabi niya ito sapagkat iniisip niyang magkakaroon ng kapayapaan at kasaganaan habang siya'y nabubuhay.

## Isaias 40

### Mga Salita ng Pag-asa

1"Aliwin ninyo ang aking bayan," sabi ng Diyos. "Aliwin ninyo sila!

2Inyong ibalita sa mga taga-Jerusalem, tapos na ang kanilang pagdurusa sapagkat nabayaran na nila ng lubos ang kasalanang ginawa nila sa akin."

3Ganito ang isinisigaw ng isang tinig: "Ihanda ninyo ang daraanan ni Yahweh sa ilang; gumawa kayo ng mga tuwid na landas na kanyang lalakaran sa ilang.

4Tambakan ang mga libis, patagin ang mga burol at bundok, at pantayin ang mga baku-bakong daan.

5Mahahayag ang kaluwalhatian ni Yahweh, at makikita ito ng lahat ng tao. Si Yahweh mismo ang nagsabi nito."

6"Magpahayag ka!" ang sabi ng tinig. "Ano ang ipahahayag ko?" tanong ko. Sumagot siya, "Ipahayag mong ang lahat ng tao ay tulad ng damo, ang kanyang buhay ay tulad lamang ng bulaklak sa parang.

7Natutuyo ang damo, kumukupas ang mga bulaklak, kapag sila'y mahipan ng hanging mula kay Yahweh. Tunay ngang ang tao ay tulad ng damo.

8Oo, ang damo'y nalalanta, at kumukupas ang mga bulaklak, ngunit ang salita ng ating Diyos ay mananatili magpakailanman."

### Ang Diyos ay Narito Na

9Umakyat ka sa tuktok ng bundok, O Zion, magandang balita ay iyong ipahayag, O Jerusalem! Sumigaw ka at huwag matatakot, sabihin mo sa mga lunsod ng Juda, "Narito na ang inyong Diyos!"

10Dumarating ang Panginoong Yahweh na taglay ang kapangyarihan, dala ang gantimpala sa mga hinirang.

11At tulad ng pastol, pinapakain niya ang kanyang kawan; sa kanyang mga bisig, ang maliliit na tupa'y kanyang yayakapin. Sa kanyang kandungan ay pagyayamanin, at papatnubayan ang mga tupang may supling.

### Walang Katulad ang Diyos

12Sino ang makakasukat ng tubig sa dagat sa pamamagitan ng kanyang kamay? Sino ang makakasukat sa lawak ng kalangitan? Sinong

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

makakapaglagay ng lahat ng lupa sa isang sisidlan? Sino kaya ang makakapagtimbang sa mga bundok at burol?

13Sino ang makakapagsabi ng dapat gawin ni Yahweh? May makakapagturo ba o makakapagpayo sa kanya?

14Sino ang kanyang puwedeng sanggunian para maliwanagan? Sinong nagturo sa kanya ng landas ng katarungan? Sinong nagkaloob sa kanya ng kaalaman at ng paraan upang makaunawa?

15Sa harap ni Yahweh ang mga bansa ay walang kabuluhan, tulad lang ng isang patak ng tubig sa isang sisidlan; at ang mga pulo ay parang alikabok lamang ang timbang.

16Hindi sapat na panggatong ang lahat ng kahoy sa Lebanon. Kulang pang panghandog ang lahat ng hayop sa gubat roon.

17Sa kanyang harapan, ay walang halaga ang lahat ng bansa.

18Saan ninyo ihahambing ang Diyos at kanino ninyo siya itutulad?

19Siya ba'y maihahambing sa mga imaheng ginawa ng tao, na binalutan ng ginto, at ipinatong sa pilak?

20Hindi rin siya maitutulad sa rebultong kahoy matigas man ang kahoy at hindi nabubulok, na nililok upang hindi tumumba at mabibili lang sa murang halaga.

21Hindi ba ninyo nalalaman? Wala bang nagbalita sa inyo noon, kung paano nagsimulang likhain ang sanlibutan?

22Ang lumikha nito ay ang Diyos na nakaupo sa kanyang trono doon sa kalangitan; mula roon ang tingin sa tao'y parang mga langgam. Ang langit ay iniladlad niyang tulad ng kurtina, tulad ng tolda upang matirahan.

23Inaalis niya ang mga pinuno sa kapangyarihan, at ginagawang walang kabuluhan.

24Tulad nila'y mga halamang walang ugat, bagong tanim at natutuyo agad; at tila dayaming tinatangay ng hangin.

25Kanino ninyo ihahambing ang banal na Diyos? Mayroon ba siyang katulad?

26Tumingala kayo sa langit! Sino ba ang lumikha ng mga bituin? Sino ba ang sa kanila'y nagpapakilos, at sino ba ang nagbigay ng kanilang pangalan? Dahil sa kanyang dakilang kapangyarihan, walang nawala sa kanila kahit isa man.

### Si Yahweh ang Nagbibigay ng Kalakasan

27Israel, bakit ka ba nagrereklamo na tila hindi pansin ni Yahweh ang kabalisahan mo, o hindi inalalayan sa kaapihang naranasan?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

28Hindi ba ninyo nalalaman, di ba ninyo naririnig? Na itong si Yahweh, ang walang hanggang Diyos, ang siyang lumikha ng buong daigdig? Hindi siya napapagod; sa isipan niya'y walang makakaunawa.

29Ang mahihina't mga napapagod ay kanyang pinapalakas.

30Kahit na ang mga kabataan ay napapagod at nanlulupaypay.

31Ngunit muling lumalakas at sumisigla ang nagtitiwala kay Yahweh. Lilipad silang tulad ng mga agila. Sila'y tatakbo ngunit hindi mapapagod, sila'y lalakad ngunit hindi manghihina.

## Isaias 41

### Ang Pangako ng Diyos sa Israel

1Sinabi ni Yahweh, “Tumahimik kayo at makinig, kayo na nasa malalayong lupain! Pag-ibayuhin ninyo ang inyong lakas, at dalhin sa hukuman ang inyong usapin. Doon ang panig ninyo ay papakinggan upang malaman kung sino ang may katuwiran.

2“Sino ang nagdala sa isang mananakop mula sa silangan, at nagbigay ng tagumpay sa lahat ng kanyang pakikipaglaban? Ang mga hari't mga bansa ay parang alikabok na lumilipad sa bawat hataw ng kanyang tabak; at parang dayaming tinatangay dahil sa kanyang pana.

3Buong bilis na tinutugis niya ang mga kaaway, ang kanyang mga paa'y hindi halos sumayad sa lupa.

4Sinong nasa likod ng lahat ng ito? Sinong nagpapagalaw sa takbo ng kasaysayan mula sa pasimula? Akong si Yahweh, na naroon na noon pa man, at mananatili hanggang sa katapusan.

5“Ito'y nasaksihan ng mga tao sa malalayong lupain, at nanginginig sila sa takot; kaya silang lahat ay lumapit sa akin at sumamba.

6Sila-sila ay nagtutulungan at nagpapayuhan, ‘Huwag kayong matakot.’

7Sinabi ng mga karpintero sa mga panday-ginto, ‘Magandang trabaho!’ Hinangaan ng mga gumagawa ng rebulto ang mga nagkabit-kabit nito, at ang sabi, ‘Mahusay ang pagkahinang’; pagkatapos ay ipinako ang rebulto sa patungan nito.

8“Ngunit ikaw, Israel, na aking lingkod lahi ni Abraham na aking kaibigan. Ikaw ang bayang aking hinirang.

9Ikaw ay kinuha ko sa mga dulo ng daigdig; sa pinakamalalayong sulok nito, sinabi ko sa iyo noon, ‘Ikaw ay aking lingkod.’ Pinili kita at hindi itinakwil.

10Ako'y sasaiyo, huwag kang matakot, ako ang iyong Diyos, hindi ka dapat mangamba. Palalakasin kita at tutulungan, iingatan at ililigtas.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11“Lahat ng may galit sa iyo ay mapapahiya, at mamamatay ang sinumang lumaban sa iyo.

12Hahanapin ninyo sila ngunit hindi makikita, mawawala na sila ng lubusan dito sa lupa.

13Ako si Yahweh na inyong Diyos, ang magpapalakas sa inyo. Ako ang nagsasabi, ‘Huwag kayong matakot at tutulungan ko kayo.’”

14Sinabi pa ni Yahweh, “Israel, mahina ka man at maliit, huwag kang matakot, sapagkat tutulungan kita. Ako ang iyong tagapagligtas, ang banal na Diyos ng Israel.

15Gagawin kitang tulad ng panggiik, na may bago at matatalim na ngipin. Iyong gigiikin ang mga bundok at burol, at dudurugin hanggang maging alabok.

16Ihahagis mo sila at tatangayin ng hangin; pagdating ng bagyo ay pakakalatin. Magdiriwang kayo sa pangalan ni Yahweh, at pararangalan ang Banal na Diyos ng Israel.

17“Kapag inabot ng matinding uhaw ang aking bayan, na halos matuyo ang kanilang lalamunan, akong si Yahweh ang gagawa ng paraan; akong Diyos ng Israel ay hindi magpapabaya.

18Magkakaroon ng ilog sa tigang na burol, aagos ang masaganang tubig sa mga libis; gagawin kong lawa ang disyerto, may mga batis na bubukal sa tuyong lupain.

19Ang mga disyerto'y pupunuin ko ng akasya't sedar, kahoy na olibo at saka ng mirto; kahoy na sipres, alerses at pino.

20At kung magkagayon, makikita nila at mauunawaan na akong si Yahweh, ang Banal na Diyos ng Israel, ang gumawa at lumikha nito.”

**Walang Kabuluhang mga Diyus-diyosan**

21Ganito ang sabi ni Yahweh, ang Hari ni Jacob: “Kayo ay lumapit, mga diyus-diyosan, ang panig ninyo ay ipaglaban.

22Lumapit kayo at inyong hulaan ang mga mangyayari sa kinabukasan. Ipaliwanag ninyo sa harap ng hukuman, upang pagtuunan ng aming isipan, ang mga pangyayari sa kahapong nagdaan.

23Maniniwala kaming kayo nga ay diyos kapag ang hinaharap inyong mahulaan. Kayo'y magpakita ng anumang gawang mabuti, o kahit masama, nang kami'y masindak o kaya'y manghina.

24Kayo at ang inyong gawa'y walang kabuluhan; ang sumasamba sa inyo ay kasuklam-suklam.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[25]“Mayroon akong isang taong pinili mula sa silangan, at aking pinasasalakay mula sa hilaga. Parang lupang kanyang tatapakan ang mga hari, tulad ng pagmamasa sa putik na ginagawang palayok.

[26]Mula sa simula sino sa inyo ang nakahula na ito'y mangyayari, para masabi naming siya ay tama? Walang sinabing anuman tungkol dito ang isa man sa inyo.

[27]Akong si Yahweh ang unang nagbalita nito sa Jerusalem, nang ipasabi ko sa aking sugo ang ganito: “Ang aking bayan ay uuwi na.”

[28]Nang ako'y maghanap wala akong nasumpungang tagapayo, na handang sumagot sa sandaling magtanong ako.

[29]Lahat ng diyus-diyosan ay walang kabuluhan. Wala silang magagawang anuman dahil sila'y mahihina at walang kapangyarihan.”

## Isaias 42

### Ang Lingkod ni Yahweh

[1]Sinabi ni Yahweh, “Narito ang lingkod ko na aking hinirang; ang aking pinili at lubos na kinalulugdan; ibinuhos ko sa kanya ang aking Espiritu, at siya ang magpapairal ng katarungan sa mga bansa.

[2]Hindi siya makikipagtalo o makikipagsigawan, ni magtataas ng boses sa mga lansangan.

[3]Ang marupok na tambo'y hindi niya babaliin, ilaw na aandap-andap hindi niya papatayin; katarungan para sa lahat ang kanyang paiiralin.

[4]Hindi siya mawawalan ng pag-asa o masisiraan ng loob, hangga't katarungan ay maghari sa daigdig; ang malalayong lupain ay buong pananabik na maghihintay sa kanyang mga turo.”

[5]Ang Diyos na si Yahweh ang lumikha ng kalangitan, nilikha rin niya ang lupa at nagbigay-buhay sa lahat ng bagay dito sa daigdig, kaya't sinabi ng Diyos na si Yahweh sa kanyang lingkod,

[6]“Akong si Yahweh ang tumawag sa iyo sa katuwiran, binigyan kita ng kapangyarihan upang pairalin ang katarungan sa daigdig. Sa pamamagitan mo ay gagawa ako ng kasunduan sa lahat ng tao, at sa pamamagitan mo'y dadalhin ko ang liwanag sa lahat ng bansa.

[7]Ikaw ang magbubukas sa mga mata ng mga bulag at magpapalaya sa mga bilanggo ng kadiliman.

[8]Ako si Yahweh; 'yan ang aking pangalan; walang makakaangkin ng aking karangalan; ang papuri'y sa akin, hindi sa diyus-diyosan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[9]Ang mga dating pahayag ko ay natupad na. Mga bagong bagay ang sasabihin ko ngayon bago pa mangyari ang mga ito."

### Awit ng Pagpupuri sa Diyos

[10]Umawit kayo ng isang bagong awit para kay Yahweh, ang buong daigdig sa kanya ay magpuri! Purihin ninyo siya, kayong mga naglalayag; kayong lahat na nilalang sa karagatan! Umawit kayong lahat na nasa malalayong kapuluan.

[11]Kayo ay magdiwang, kayong nasa disyerto, at sa mga bayan, mga taga-Kedar, kayo ay magdiwang; mga taga-Sela, kayo'y mag-awitan, kayo ay umakyat sa tuktok ng bundok at kayo'y sumigaw sa kagalakan.

[12]Kayong nasa malalayong lupain, purihin ninyo si Yahweh at parangalan.

[13]Siya ay lalabas, parang mandirigma na handang lumaban, siya ay sisigaw bilang hudyat ng pagsalakay, at ang kapangyarihan niya'y ipapakita sa mga kaaway.

### Tutulungan ng Diyos ang Kanyang Bayan

[14]Sinabi ng Diyos, "Mahabang panahon na ako'y nanahimik; ngayo'y dumating na ang oras para ako ay kumilos. Parang manganganak, ako ay sisigaw sa tindi ng kirot.

[15]Ang mga bundok at burol ay aking gigibain, malalanta ang mga damo at ang iba pang mga halaman; ang mga ilog at lawa ay matutuyo, at magiging disyerto.

[16]Aakayin ko ang mga bulag, sa mga daang hindi nila nakikita. Gagawing liwanag ang kadiliman sa harapan nila, at papatagin ko ang mga daang baku-bako. Ang lahat ng ito'y aking gagawin alang-alang sa kanila.

[17]Mabibigo at mapapahiya ang lahat ng kumikilala at nagtitiwala sa mga diyus-diyosan."

### Hindi na Natuto ang Israel

[18]Sinabi ni Yahweh, "Kayong mga bingi, ngayon ay makinig! At kayong mga bulag naman ay magmasid!

[19]Mayroon bang mas bulag pa kaysa sa aking lingkod, o mas bingi pa sa aking isinugo?

[20]Israel, napakarami mo nang nakita ngunit walang halaga sa iyo. Mayroon kang tainga ngunit ano ang iyong napakinggan?"

[21]Isang Diyos na handang magligtas itong si Yahweh, kaya ibinandila niya ang kanyang kautusan at mga tuntunin upang sundin ng kanyang bayan.

[22]Ngunit ngayong sila'y pinagnakawan, ikinulong sa bilangguan, at inalipin, sa nangyaring ito'y wala man lang nagtanggol, o kaya'y dumamay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Wala pa bang makikinig sa inyo? Hindi pa ba kayo natututo para makinig na mabuti?

24Sino ang nagpahintulot na manakawan ang Israel? Hindi ba si Yahweh na ating sinuway? Hindi natin siya sinunod sa halip, nilabag natin ang kanyang mga utos.

25Kaya ipinadama niya sa Israel ang kanyang galit, at ipinalasap ang lupit ng digmaan. Ang galit niya'y nag-aalab laban sa Israel, halos matupok na tayo, ngunit hindi pa rin tayo natuto.

## Isaias 43

### Ililigtas ng Diyos ang Kanyang Bayan

1Israel, ito ang sinasabi ni Yahweh na lumikha sa iyo, "Huwag kang matatakot sapagkat ililigtas kita. Tinawag kita sa iyong pangalan, ikaw ay akin.

2Kapag dumaan ka sa malalim na tubig, sasamahan kita; tumawid ka man sa mga ilog, hindi ka malulunod; dumaan ka man sa apoy, hindi ka masusunog, hindi ka matutupok.

3Sapagkat ako si Yahweh na iyong Diyos, ang Banal na Diyos ng Israel na iyong Tagapagligtas. Ibibigay ko ang Egipto, Etiopia at Sheba bilang pantubos sa iyo upang ikaw ay makalaya.

4Ibibigay ko ang mga bansa para lang maligtas ka, sapagkat mahalaga ka sa akin; mahal kita, kaya't pararangalan kita.

5Huwag kang matakot, sapagkat ako'y kasama mo! Titipunin ko kayo mula sa dulong silangan hanggang sa kanluran, at ibabalik ko kayo sa inyong dating tahanan.

6Sasabihin ko sa mga bansa sa hilaga na kayo'y palayain. Sasabihin ko rin sa mga bansa sa timog na huwag kayong pigilan, hayaan ninyong magbalik ang aking bayan, mula sa malalayong dako; mula sa lahat ng panig ng daigdig.

7Sila ang aking bayan na aking nilalang, upang ako'y bigyan ng karangalan."

### Saksi ni Yahweh ang Israel

8Sinabi ni Yahweh, "Paharapin ninyo sa akin ang aking bayan. Sila'y may mga mata ngunit hindi nakakakita, may mga tainga ngunit hindi nakakarinig.

9Tawagin ang mga bansa sa panahon ng paglilitis. Sino sa kanilang diyos ang makakahula sa mangyayari? Sino sa kanila ang nakahula sa nangyayari ngayon? Bayaan silang magharap ng mga saksi para patunayan ang kanilang sinasabi at patunayang sila ay tama.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Bayang Israel, ikaw ang saksi ko, pinili kita upang maging lingkod ko, upang makilala mo ako at manalig ka sa akin. Walang ibang Diyos maliban sa akin, walang nauna at wala ring papalit.

11Ako ay si Yahweh, wala nang iba pa; walang ibang Tagapagligtas, maliban sa akin.

12Noong una pa man ako'y nagpahayag na. Ako ang nagligtas sa iyo, at ang nagbalita ng lahat ng ito. Noon ay wala pa kayong kinikilalang ibang diyos; kayo ang mga saksi ko.

13Ako ang Diyos at mananatili akong Diyos magpakailanman, walang makakatakas sa aking kapangyarihan; at walang makakahadlang sa aking ginagawa."

### Paglaya Mula sa Babilonia

14Sinabi pa ni Yahweh, ang Tagapagligtas, at Banal na Diyos ng Israel: "Magpapadala ako ng hukbo laban sa Babilonia alang-alang sa iyo. Gigibain ko ang mga pintuan ng kanyang lunsod at mauuwi lamang sa iyakan ang kasayahan ng mga tagaroon.

15Ako si Yahweh, ang iyong Diyos na Banal, ang Hari ng Israel na sa iyo'y lumalang!

16Iyan ang sinasabi ni Yahweh, na siyang gumawa ng daan sa gitna ng dagat, upang maging kalsadang tawiran.

17Siya ang nanguna upang malupig ang isang malaking hukbo. Nilipol niya ang kanilang mga kabayo. At ang kanilang mga karwahe'y winasak; sila'y nabuwal at hindi na nakabangon; parang isang ilaw na namatay ang dingas."

18Ito ang sabi niya: "Ilibing mo na sa limot, at huwag nang alalahanin pa, ang mga nangyari noong unang panahon.

19Masdan mo, ako ay gagawa ng isang bagong bagay; ito'y nagaganap na, hindi mo pa ba makita? Gagawa ako ng isang daanan sa gitna ng disyerto, at magkakaroon ng ilog sa lugar na ito.

20Pararangalan ako maging ng mababangis na hayop gaya ng mga asong-gubat at mga ostrits, sapagkat nagpabukal ako ng tubig sa disyerto, upang may mainom ang mga taong hinirang ko.

21Nilalang ko sila upang maging aking bayan, upang ako'y kanilang laging papurihan!"

### Ang Kasalanan ng Israel

22Sinabi ni Yahweh, "Ngunit ikaw, Israel, ang lumimot sa akin; at ayaw mo na akong sambahin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Hindi ka na nagdadala ng mga tupang sinusunog bilang handog; hindi mo na ako pinaparangalan sa pamamagitan ng iyong mga hain. Hindi kita pinilit na maghandog sa akin, o pinahirapan man sa pagsusunog ng insenso.

24Hindi mo ako ibinili ng mabangong insenso o kaya'y hinandugan man lang ng taba ng hayop. Sa halip ay gumawa ka ng maraming kasalanan, pinahirapan mo ako sa iyong kasamaan.

25“Gayunman, ako ang Diyos na nagpatawad sa iyong mga kasalanan; hindi ko na aalalahanin pa ang iyong mga kasalanan.

26Magharap tayo sa hukuman, patunayan mong ikaw ay may katuwiran.

27Nagkasala sa akin ang kauna-unahan mong ninuno, gayon din ang iyong mga pinuno.

28Ang aking santuwaryo ay nilapastangan ng iyong mga pinuno, kaya pinabayaan kong mawasak ang Israel, at mapahiya ang aking bayan.”

## Isaias 44

### Si Yahweh Lamang ang Diyos

1Sinabi ni Yahweh, “Ikaw Jacob, na lingkod ko, ako ay pakinggan; lahi ni Israel, ang pinili kong bayan!

2Akong si Yahweh ang sa iyo ay lumalang; tinulungan na kita mula nang ikaw ay isilang. Huwag kang matakot, ikaw na aking lingkod, ang bayan kong minamahal.

3Aking ibubuhos ang saganang tubig sa uhaw na lupa, sa tuyong lupa maraming batis ang padadaluyin. Ibubuhos ko sa iyong mga anak ang aking Espiritu, at ang mga liping susunod sa iyo ay pagpapalain.

4Sila ay sisibol tulad ng damong sagana sa tubig, sila'y dadaloy tulad ng halaman sa tabi ng batis.

5Bawat isa'y magsasabing, ‘Ako ay kay Yahweh.’ Sila ay darating upang makiisa sa Israel. Itatatak nila sa kanilang mga bisig ang pangalan ni Yahweh, at sasabihing sila'y kabilang sa bayan ng Diyos.”

6Ang sabi ni Yahweh, ang Hari at Tagapagligtas ng Israel, ang Makapangyarihan sa lahat: “Ako ang simula at ang wakas; walang ibang diyos maliban sa akin.

7Sino ang makakagawa ng mga ginawa ko? Sino ang makakapagsabi sa mga nangyari mula simula hanggang wakas?

8Huwag kayong matakot, bayan ko! Alam mong sa pasimula pa'y ipinahayag ko na ang mga mangyayari; kayo'y mga saksi sa lahat ng ito. Mayroon pa bang diyos maliban sa akin? Wala nang hihigit pa sa aking kapangyarihan!”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Hinamak ang Pagsamba sa Diyus-diyosan

9Walang kuwentang tao ang mga gumagawa ng rebulto, at walang kabuluhan ang mga diyus-diyosang kanilang pinahahalagahan. Mga bulag at hangal ang sumasamba sa mga ito, kaya sila'y mapapahiya.

10Walang idudulot na mabuti ang paggawa ng mga rebulto para sambahin.

11Tandaan ninyo, ang sumasamba sa mga ito ay mapapahiya lamang. Ang mga gumagawa nito'y tao lamang, kaya't magsama-sama man sila at ako'y harapin, sila'y matatakot at mapapahiya rin.

12Ang panday ay kumukuha ng isang pirasong bakal at inilalagay ito sa apoy. Pagkatapos ay pinupukpok niya ito sa pamamagitan ng kanyang malakas na bisig hanggang sa magkahugis. Sa paggawa nito, siya ay nauuhaw, nagugutom at napapagod.

13Ang karpintero naman ay kumukuha ng isang pirasong kahoy. Ginuguhitan niya ito ng anyong tao, saka inuukit hanggang sa mayari ang isang magandang imahen. Pagkatapos, ilalagay niya ito sa kanyang bahay.

14Pumipili siya at pumuputol ng isang matigas na kahoy sa gubat tulad ng sedar, ensina at sipres. Maaari din siyang magtanim ng laurel at ito ay hintaying lumaki habang dinidilig ng ulan.

15Ang kaputol na kahoy nito ay ginagawang panggatong at ang kaputol naman ay ginagawang diyus-diyosan. Ang isang piraso ay iginagatong para magbigay ng init sa kanya at para igatong sa pagluluto. Ang isang piraso ay ginagawang rebulto para sambahin.

16Ang ibang piraso ng kahoy ay ginagawang panggatong. Dito siya nag-iihaw ng karne at nasisiyahan siyang kumain nito. Kung nadarama niya ang init ng apoy ay nasasabi niya ang ganito: “Salamat at hindi na ako giniginaw!”

17Ang natirang kahoy ay ginagawa nga niyang diyos na kanyang niluluhuran at sinasamba. Dumadalangin siya sa rebulto, “Iligtas mo ako sapagkat ikaw ang aking diyos!”

18Ang mga taong gayon ay mga mangmang at hindi inuunawa ang kanilang ginagawa. Tinakpan nila ang kanilang mga mata at sinarhan ang isipan sa katotohanan.

19Hindi na nila naisip na ang kaputol ng ginawa nilang rebulto ay ginamit na panggatong sa pagluluto ng tinapay at karneng kanilang kinain. Hindi man lamang nila itinanong sa kanilang sarili kung hindi kaya karumal-dumal ang sumamba sa isang pirasong kahoy.

20Ang mga gumagawa nito'y parang kumakain ng abo. Lubusan na siyang nailigaw ng kanyang maling paniniwala at mahirap nang ituwid. At hindi siya papayag na ang rebultong hawak niya ay hindi mga diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Si Yahweh, ang Manlilikha at Tagapagligtas

21Sinabi ni Yahweh, "Tandaan mo Israel, ikaw ay aking lingkod. Nilalang kita upang maglingkod sa akin. Hindi kita kakalimutan.

22Ang pagkakasala mo'y pinawi ko na, naglahong ulap ang katulad; Ika'y manumbalik dahil tinubos na kita at pinalaya.

23Magdiwang kayo, kalangitan! Gayundin kayo, kalaliman ng lupa! Umawit kayo, mga bundok at kagubatan, sapagkat nahayag ang karangalan ni Yahweh nang iligtas niya ang bansang Israel.

24"Akong si Yahweh, na iyong Tagapagligtas, ang lumikha sa iyo: Ako ang lumikha ng lahat ng bagay. Ako lamang mag-isa ang nagladlad nitong kalangitan, at nag-iisa ring lumikha ng sanlibutan.

25Aking binibigo ang mga sinungaling na propeta at ang mga manghuhula; ang mga marurunong ay ginagawang mangmang, at ang dunong nila'y ginawang kahangalan.

26Ngunit ang pahayag ng mga lingkod ko'y pawang nagaganap, at ang mga payo ng aking mga sugo ay natutupad; ako ang maysabing darami ang tao sa Jerusalem, muling itatayo ang mga gumuhong lunsod sa Juda.

27Isang utos ko lamang, natutuyo ang karagatan.

28Ang sabi ko kay Ciro, 'Ikaw ang gagawin kong tagapamahala. Susundin mo ang lahat ng ipapagawa ko sa iyo. Ang Jerusalem ay muli mong ipatatayo, gayundin ang mga pundasyon ng Templo.'"

## Isaias 45

### Hinirang ni Yahweh si Ciro

1Ito ang ipinahayag ni Yahweh kay Ciro, ang pinunong kanyang pinili, upang sakupin ang mga bansa at alisan ng kapangyarihan ang mga hari. Ibubukas ko ang mga pintuang-lunsod para sa kanya habang siya'y pumapasok.

2"Ako ang maghahanda ng iyong daraanan, mga bundok doo'y aking papatagin. At sa mga lunsod, mga pintong tanso'y aking wawasakin; pati kandadong bakal ay aking tatanggalin.

3Ibibigay ko sa iyo ang nakatagong mga kayamanan at alahas; sa gayon, malalaman mong ako si Yahweh, ang Diyos ng Israel, ang siyang tumawag sa iyo.

4Tinawag kita sa iyong pangalan, alang-alang sa aking lingkod na si Israel na aking hinirang. Binigyan kita ng malaking karangalan, kahit hindi mo ako nakikilala.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Ako si Yahweh, ako lamang ang Diyos at wala nang iba; palalakasin kita, kahit hindi mo ako nakikilala.

6Ginawa ko ito upang ako ay makilala mula sa silangan hanggang kanluran, at makilala nila na ako si Yahweh, ako lamang ang Diyos at wala nang iba.

7Ako ang lumikha ng dilim at liwanag; ako ang nagpapahintulot ng kaginhawahan at kapahamakan. Akong si Yahweh ang nagpapasya ng lahat ng ito.

8Padadalhan kita ng sunud-sunod na tagumpay, parang mga patak ng ulan na bumabagsak sa lupa; dahil dito'y maghahari sa daigdig ang kalayaan at katarungan. Akong si Yahweh ang magsasagawa nito."

**Si Yahweh ng Buong Nilikha at Kasaysayan**

9Ang palayok ba ay makakatutol sa gumawa sa kanya? Maitatanong ba ng putik sa magpapalayok kung ano ang ginagawa nito? Masasabi ba ng palayok na hindi sanay ang gumawa sa kanya?

10May anak bang magtatanong sa kanyang ama, "Bakit ikaw ang aking naging ama?" At sa kanyang ina, "Bakit mo ako ipinanganak?"

11Ngunit ipinahayag ni Yahweh, ang Banal na Diyos ng Israel, ang Lumalang sa kanila: "Wala kayong karapatang magsabi sa akin tungkol sa aking mga anak at kung ano ang dapat kong gawin.

12Ako ang lumikha ng buong daigdig, pati mga taong doo'y tumatahan. Maging ang kalangitan, ako ang nagladlad, ako ang may kapangyarihan sa araw, buwan at mga bituin.

13Ako ang tumawag kay Ciro upang isagawa ang aking layunin at isaayos ang lahat ng bagay. Aking tutuwirin ang kanyang daraanan; muli niyang itatayo ang Jerusalem na aking lunsod, at kanyang palalayain ang aking bayan. Walang sinumang nagbayad o nanuhol sa kanya upang ito'y isagawa." Ang Makapangyarihang si Yahweh ang nagsabi nito.

14Ang sabi ni Yahweh sa Israel, "Mapapasaiyo ang kayamanan ng Egipto at Etiopia. Magiging alipin mo ang matatangkad na lalaki ng Seba; sila'y magiging sunud-sunuran sa iyo. Yuyukuran ka nila at sasabihin: 'Sumasaiyo ang Diyos, siya lamang ang Diyos at wala nang iba pa.'"

15Ang Diyos ng Israel ang Tagapagligtas ng kanyang bayan; mahiwaga siya kaya hindi kayang unawain.

16Hahamakin at mapapahiya ang lahat ng gumagawa ng mga diyus-diyosan.

17Ngunit ang Israel ay iyong ililigtas, ang tagumpay nila ay sa habang panahon at kailanma'y hindi mapapahiya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[18]Si Yahweh ang lumikha ng kalangitan, siya rin ang lumikha ng daigdig, ginawa niya itong matatag at nananatili, at mainam na tirahan. Siya ang maysabing, “Ako si Yahweh at wala nang iba pang diyos.

[19]Lahat ng salita ko'y sinasabi nang hayagan, isa man sa layunin ko'y hindi inililihim. Hindi ko pinahirapan ang Israel sa paghanap sa akin. Ako si Yahweh, sinasabi kong lahat ang katotohanan, at inihahayag ko kung ano ang tama.”

### Si Yahweh ng Sanlibutan at ang mga Diyus-diyosan ng Babilonia

[20]Sinabi ni Yahweh, “Halikayong lahat na mga natitirang buháy mula sa lahat ng bansa; kayong mga mangmang na nagpapasan ng mga imaheng kahoy at dumadalangin sa mga diyus-diyosan na hindi makakapagligtas. Ang mga taong ito'y walang nalalaman.

[21]Ipagtanggol ninyo ang inyong panig. Magsanggunian kayo. Sino ang makakapagsabi ng mga bagay na magaganap? Hindi ba akong si Yahweh, ang Diyos na nagliligtas sa kanyang bayan? Walang ibang diyos maliban sa akin.

[22]Lumapit kayo sa akin at kayo ay maliligtas, kayong mga tao sa buong daigdig. Walang ibang diyos maliban sa akin.

[23]Ako ay tapat sa aking pangako at hindi magbabago, at tutuparin ko ang aking mga pangako: ‘Lahat ng tao ay luluhod sa aking harapan, at mangangakong sila'y magiging tapat sa akin!’

[24]“Sasabihin nila, si Yahweh lamang ang matuwid at malakas; at mapapahiya ang sinumang sa kanya'y maghimagsik.

[25]Akong si Yahweh ang magliligtas sa lahi ni Israel; sila'y magtatagumpay at magpupuri sa akin.”

## Isaias 46

[1]Sina Bel at Nebo na dati'y sinasamba ng mga taga-Babilonia; ngayo'y isinakay na sa likod ng mga asno at baka, at naging pabigat sa likod ng mga pagod na hayop.

[2]Hindi nila mailigtas ang kanilang sarili. Sila'y parang mga bihag na itinapon sa malayo.

[3]“Makinig kayo sa akin, lahi ni Jacob, kayong nalabi sa bayang Israel; kayo'y inalagaan ko mula sa inyong pagsilang.

[4]Ako ang inyong Diyos. Iingatan ko kayo hanggang sa pumuti ang inyong buhok at kayo'y tumanda. Kayo'y nilikha ko kaya tungkulin ko na kayo'y iligtas at tulungan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[5]Sinabi ni Yahweh, “Saan ninyo ako itutulad? Mayroon bang makakapantay sa akin?

[6]Binuksan nila ang kanilang sisidlan, ibinuhos ang mga gintong laman, at nagtimbang sila ng mga pilak. Umupa sila ng platero at nagpagawa ng diyus-diyosan; pagkatapos ay niluhuran nila at sinamba ito.

[7]Pinapasan nila ito para ilibot sa ibang lugar, pagkatapos ay ibabalik sa kanyang lalagyan. Mananatili ito roon at hindi makakakilos. Dalanginan man ito'y hindi makakasagot, at hindi makatutulong sa panahon ng pagsubok.

[8]“Ito ang inyong tandaan, mga makasalanan, ang bagay na ito ay alalahanin ninyo.

[9]Alalahanin ninyo ang mga nakaraang pangyayari. Inyong kilalaning ako lamang ang Diyos, at maliban sa akin ay wala nang iba.

[10]Sa simula pa'y itinakda ko na, at aking inihayag kung ano ang magaganap. Sinabi kong tiyak na magaganap ang lahat ng balak ko, at gagawin ko ang lahat ng gusto kong gawin.

[11]May tinawag na akong mandirigma sa silangan, siya ay darating na parang ibong mandaragit, at isasagawa ang lahat kong balak. Ako ang nagsasabi nito, at tiyak na matutupad.

[12]“Makinig kayo sa akin, mga taong suwail; kayong naniniwalang malayo pa ang tagumpay.

[13]Malapit na ang araw ng pagtatagumpay, ang pagliligtas ko'y hindi na magtatagal. Ililigtas ko ang Jerusalem, at doon ko bibigyan ng karangalan ang bayang Israel.”

## Isaias 47

### Hahatulan ang Babilonia

[1]Sinabi ni Yahweh sa Babilonia, “Bumabâ ka sa iyong trono, at maupo ka sa alabok ng lupa. Dati'y para kang birhen, isang lunsod na hindi malupig. Ngunit hindi ka na ganoon ngayon, isa ka nang alipin!

[2]Hawakan mo ang batong gilingan at ikaw ay gumiling ng harina. Alisin mo na ang iyong belo, at hubarin ang magarang kasuotan; itaas mo ang iyong saya sa pagtawid sa batisan.

[3]Malalantad sa mga tao ang hubad mong katawan, mabubunyag ang kahiya-hiya mong kalagayan. Walang makakapigil sa aking gagawin. Ako'y maghihiganti.”

[4]Ang Diyos ang siyang nagligtas sa amin, siya ang Banal na Diyos ng Israel. Ang pangalan niya ay Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Sinabi ni Yahweh sa Babilonia, “Maupo ka na lang at manahimik doon sa dilim, sapagkat ikaw ay hindi na tatawaging reyna ng mga kaharian.

6Nang ako'y magalit sa mga lingkod ko, sila'y aking itinakwil; aking pinabayaan na masakop mo at maging alipin. Pinarusahan mo silang walang awa, pati matatanda'y pinagmalupitan mo.

7Sapagkat akala mo'y mananatili kang reyna habang panahon. Hindi mo na naisip na magwawakas ito pagdating ng araw.

8“Pakinggan mo ito, ikaw na mahilig sa kalayawan, at nag-aakalang ikaw ay matiwasay. Ang palagay mo sa sarili'y kasindakila ka ng Diyos, at ang paniwala mo'y wala kang katulad; inakala mong hindi ka mabibiyuda, at hindi mo mararanasan ang mamatayan ng anak.

9Ngunit isang araw, sa loob lamang ng isang saglit, anumang salamangka o mahika ang iyong gawin, mangyayari ang dalawang bagay na ito: Mawawala ang iyong asawa at ang iyong mga anak!

10“Panatag ka sa paggawa ng kasamaan; sapagkat iniisip mong walang nakakakita sa iyo. Iniligaw ka ng iyong karunungan at kaalaman, ang palagay mo sa sarili'y ikaw ang Diyos, wala nang hihigit pa sa iyo.

11Ngunit darating sa iyo ang kapahamakan, at walang makakahadlang kahit ang nalalaman mo sa salamangka; darating sa iyo ang sumpa, at hindi mo ito maiiwasan. Biglang darating sa iyo ang pagkawasak, na hindi mo akalaing mangyayari.

12“Itago mo na lang ang salamangkang alam mo mula pa sa iyong kabataan, baka sakaling magamit mo pa iyan bilang panakot sa iyong kaaway.

13Wala kang magagawa sa kabila ng maraming payo sa iyo; patulong ka man sa inaasahan mong mga astrologo, sa mga taong humuhula ng mangyayari bukas, batay sa kalagayan ng kalangitan at mga bituin.

14“Sila'y parang dayaming masusunog, kahit ang sarili nila'y hindi maililigtas sa init ng apoy; sapagkat ito'y hindi karaniwang init na pampaalis ng ginaw.

15Walang maitutulong sa iyo ang mga astrologo na hinihingan mo ng payo sa buong buhay mo. Sapagkat ikaw ay iiwan na nila, walang matitira upang iligtas ka.”

## Isaias 48

### Si Yahweh ang Diyos ng Panahong Darating

1Dinggin mo ito, O bayang Israel, kayong nagmula sa lahi ni Juda, sumumpa kayong maglilingkod kay Yahweh, at sasambahin ang Diyos ng Israel, ngunit hindi kayo naging tapat sa kanya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Ipinagmamalaki ninyong kayo'y nakatira sa banal na lunsod; at kayo'y umaasa sa Diyos ng Israel; ang pangalan niya ay Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

3Sinabi ni Yahweh sa Israel, "Noong una pa'y alam ko na kung ano ang mangyayari. Pagkatapos ay bigla ko itong isinakatuparan.

4Alam kong matitigas ang inyong ulo, may leeg na parang bakal at noo na parang tanso.

5Kaya noon pa, ipinahayag ko na ang mangyayari sa iyo, upang kung maganap na'y huwag ninyong isipin na ang mga diyus-diyosan ang may gawa nito.

6"Lahat ng pahayag ko ay pawang natupad, inyo nang kilalanin ang katotohanan nito. Ngayo'y may ihahayag akong bago, mga bagay na hindi ko inihayag noon.

7Ngayon ko pa lamang ito gagawin; wala pang pangyayaring katulad nito noon para hindi ninyo masabing ito'y alam na ninyo.

8Alam kong hindi kayo mapagkakatiwalaan, sapagkat lagi na lamang kayong naghihimagsik. Kaya tungkol dito'y wala kayong alam, kahit kapirasong balita'y walang natatanggap.

9"Dahil na rin sa karangalan ko, ako ay nagpigil, dahil dito'y hindi ko na kayo lilipulin.

10Sinubok ko kayo sa pamamagitan ng kahirapan, kung paanong ang pilak ay dinadalisay sa apoy; ngunit kayo'y napatunayang hindi nararapat.

11Ang ginawa ko'y para na rin sa sariling kapakanan, paghamak sa ngalan ko'y hindi ko pahihintulutan. Ang karangalan ko'y tanging akin lamang, walang makakahati kahit na sinuman."

### Si Ciro ang Pinunong Pinili ni Yahweh

12Sinabi ni Yahweh, "Makinig ka sa akin, O Israel, bayang aking hinirang! Ako lamang ang Diyos; ako ang simula at ang wakas.

13Ako ang lumikha sa pundasyon ng daigdig, ako rin ang naglatag sa sangkalangitan; kapag sila'y aking tinawag, agad silang tutugon.

14"Magsama-sama kayo at makinig! Walang nakaaalam isa man sa mga diyus-diyosan, na ang hinirang ko ang lulusob sa Babilonia; at gagawin niya ang lahat ng ipapagawa ko.

15Ako ang tumawag sa kanya, pinatnubayan ko siya at pinagtagumpay.

16Kayo ay lumapit at pakinggan ang aking sasabihin. Sa mula't mula pa'y hayagan ako kung magsalita at ang sabihin ko'y aking ginagawa." Sa kapangyarihan ng espiritu ng Panginoong Yahweh, ako'y kanyang sinugo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang Plano ni Yahweh sa Kanyang Bayan

17Ganito ang sabi ng Banal na Diyos ng Israel, ni Yahweh na sa iyo'y tumubos: "Ako ang iyong Diyos na si Yahweh. Tuturuan kita para sa iyong kabutihan, papatnubayan kita sa daan na dapat mong lakaran.

18"Kung sinusunod mo lang ang aking mga utos, pagpapala sana'y dadaloy sa iyo, parang ilog na hindi natutuyo ang agos. Tagumpay mo sana ay sunud-sunod, parang along gumugulong sa dalampasigan.

19Ang iyong lahi ay magiging sindami sana ng buhangin sa dagat, at tinitiyak kong hindi sila mapapahamak."

20Lisanin ninyo ang Babilonia, takasan ninyo ang Caldea! Buong galak na inyong ihayag sa lahat ng lugar na iniligtas ni Yahweh ang lingkod niyang si Israel.

21Nang patnubayan ni Yahweh ang bayang Israel, sa pagtawid sa malawak at mainit na disyerto, hindi ito nauhaw bahagya man sapagkat binutas niya ang isang malaking bato, at ang tubig ay bumukal.

22Ang sabi ni Yahweh, "Walang kapayapaan ang mga makasalanan!"

## Isaias 49

### Ang Israel ang Tanglaw sa mga Bansa

1Makinig kayo mga taong naninirahan sa malalayong mga bansa. Pinili na ako ni Yahweh bago pa isilang, at hinirang niya ako para siya'y paglingkuran.

2Mga salita ko'y ginawa niyang singtalim ng espada, siya ang sa aki'y laging nag-iingat. Ginawa niya akong parang matulis na palaso na anumang oras ay handang itudla.

3Sinabi niya sa akin, "Israel, ikaw ay lingkod ko; sa pamamagitan mo ako'y pupurihin ng mga tao."

4Ngunit ang sagot ko, "Ako ay nabigo sa aking pagsisikap, hindi nagtagumpay gayong ibinuhos ko ang aking lakas." Gayunma'y ipinapaubaya ko kay Yahweh ang aking kalagayan, na ako'y kanyang gagantimpalaan sa aking nakayanan.

5Bago pa ako ipanganak ay hinirang na ni Yahweh; pinili niya ako para maging lingkod niya, upang tipunin ang bayang Israel na nagkawatak-watak. Binigyan ako ni Yahweh ng karangalan, sa kanya nagbubuhat ang aking kalakasan.

6Sinabi sa akin ni Yahweh: "Israel na aking lingkod, may mas mahalaga pa akong ipapagawa sa iyo. Bukod sa pagpapanumbalik sa mga Israelitang nalabi, gagawin din kitang liwanag sa mga bansa upang ang buong daigdig ay maligtas."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[7]Ganito ang sinabi ni Yahweh, ang Tagapagligtas ng Israel, sa itinakwil at kinamuhian ng mga bansa at inalipin ng mga pinuno: “Makikita ng mga hari ang pagpapalaya sa iyo; sila'y titindig bilang pagpaparangal sa iyo. At yuyukod ang mga prinsipe bilang paggalang sa iyo, sapagkat hinirang ka ni Yahweh, ang banal na Diyos ng Israel.”

**Muling Itatayo ang Jerusalem**

[8]Sinabi pa ni Yahweh sa kanyang bayan: “Sa tamang panahon ay tinugon kita, sa araw ng pagliligtas, sinaklolohan kita. Iingatan kita at sa pamamagitan mo gagawa ako ng kasunduan sa mga tao, ibabalik kita sa sariling lupain na ngayon ay wasak na.

[9]Palalayain ko ang mga nasa bilangguan at dadalhin sa liwanag ang mga nasa kadiliman. Sila'y matutulad sa mga tupang nanginginain sa masaganang pastulan.

[10]Hindi sila magugutom o mauuhaw, hindi rin sila mabibilad sa matinding hangin at nakakapasong init sa disyerto, sapagkat papatnubayan sila ng Diyos na nagmamahal sa kanila. Sila'y gagabayan niya patungo sa bukal ng tubig.

[11]Gagawa ako ng daan sa gitna ng kabundukan, at ako'y maghahanda ng lansangan, upang maging daanan ng aking bayan.

[12]Darating ang bayan ko buhat sa malayo, mula sa hilaga at sa kanluran, gayon din sa lupain ng Syene sa timog.”

[13]O langit, magpuri ka sa tuwa! Lupa, magalak ka, gayundin kayong mga bundok, sapagkat inaaliw ni Yahweh ang kanyang hinirang, sa gitna ng hirap ay kinahahabagan.

[14]Ngunit ang sabi ng mga taga-Jerusalem, “Pinabayaan na tayo ni Yahweh. Nakalimutan na niya tayo.”

[15]Ang sagot ni Yahweh, “Malilimot kaya ng ina ang sarili niyang anak? Hindi kaya niya mahalin ang sanggol niyang iniluwal? Kung mayroon mang inang lumilimot sa kanyang anak, hindi ko kayo kakalimutan kahit sandali.

[16]Jerusalem, hinding-hindi kita malilimutan. Pangalan mo'y nakaukit sa aking mga palad.

[17]Malapit nang dumating ang muling magtatayo sa iyo, at ang nagwasak sa iyo ay paalis na.

[18]Tumingin ka sa paligid at masdan ang nangyayari. Ang mga mamamayan mo'y nagtitipun-tipon na upang umuwi. Ako si Yahweh, ang Diyos na buháy, ang nagsasabi: ipagmamalaki mo sila balang araw, tulad ng babaing ikakasal na suot ang kanyang mga alahas.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[19]“Aking pinabayaan na mawasak ang iyong bansa, ngunit ngayon ito'y magiging masikip sa dami ng tao; at ang mga taong dumurog sa iyo ay itatapon sa malayo.

[20]Sasabihin ng mga anak mo balang araw na isinilang sa pinagtapunan sa inyo: ‘Ang bayang ito'y maliit na para sa atin. Kailangan natin ang mas malaking tirahan.’

[21]Sasabihin mo naman sa iyong sarili, ‘Kaninong anak ang mga iyon? Nawala ang mga anak ko, at ako nama'y hindi na magkakaanak. Itinapon ako sa malayo, ako'y iniwang nag-iisa. Saan galing ang mga batang iyon?’”

[22]Ang sagot ng Panginoong Yahweh sa kanyang bayan: “Huhudyatan ko ang mga bansa, at ang mga anak mo'y iuuwi nila sa iyo.

[23]Ang mga hari ay magiging parang iyong ama at ang mga reyna'y magsisilbing ina. Buong pagpapakababang yuyukod sila sa iyo bilang tanda ng kanilang paggalang; sa gayon ay malalaman mong ako nga si Yahweh. Hindi mapapahiya ang sinumang magtiwala sa akin.”

[24]Mababawi pa ba ang nasamsam ng isang kawal? Maililigtas pa ba ang bihag ng isang taong malupit?

[25]Ang sagot ni Yahweh: “Ganyan ang mangyayari. Itatakas ng mga kawal ang kanilang bihag, at babawiin ang sinamsam ng malupit. Ako ang haharap sa sinumang lalaban sa iyo, at ililigtas ko ang iyong mga anak.

[26]Hihimukin kong magpatayan ang mga umaapi sa inyo. Mag-aalab ang kanilang poot, at mahuhumaling sa pagpatay. Sa gayon makikilala ng sangkatauhan na akong si Yahweh ang Makapangyarihang Diyos, ang nagligtas sa Israel.”

## Isaias 50

[1]Sinabi ni Yahweh: “Pinalayas ko ba ang aking bayan, tulad ng isang lalaking pinalayas at hiniwalayan ang kanyang asawa? Kung gayon, nasaan ang kasulatan ng ating paghihiwalay? Pinagtaksilan ko ba kayo para maging bihag, tulad ng amang nagbenta ng anak upang maging alipin? Hindi! Nabihag kayo dahil sa inyong kasalanan, itinapon kayo dahil sa inyong kasamaan.

[2]Bakit ang bayan ko'y hindi kumilos nang sila'y lapitan ko para iligtas? Nang ako'y tumawag isa ma'y walang sumagot. Bakit? Wala ba akong lakas para iligtas sila? Kaya kong tuyuin ang dagat sa isang salita lamang. Magagawa kong disyerto ang ilog upang mamatay sa uhaw ang mga isda roon.

[3]Ang bughaw na langit ay magagawa kong kasing-itim ng damit-panluksa.”

### Ang Pagsunod ng Lingkod ni Yahweh

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Ang Panginoong Yahweh ang nagturo sa akin ng aking sasabihin, para tulungan ang mahihina. Tuwing umaga'y nananabik akong malaman kung ano ang ituturo niya sa akin.

5Binigyan ako ng Panginoong Yahweh ng pang-unawa, hindi ako naghimagsik o tumalikod sa kanya.

6Hindi ako gumanti nang bugbugin nila ako, hindi ako kumibo nang insultuhin nila ako. Pinabayaan ko silang bunutin ang aking balbas at luraan ang aking mukha.

7Hindi ko pinansin ang mga pag-insultong ginawa nila sa akin, sapagkat ang Panginoong Yahweh ang tumutulong sa akin. Handa akong magtiis, sapagkat aking nalalaman na ako'y hindi mapapahiya.

8Ang Diyos ay malapit, at siya ang magpapatunay na wala akong sala. May mangangahas bang ako'y usigin? Magharap kami sa hukuman, at ilahad ang kanyang paratang.

9Ang Panginoong Yahweh mismo ang magtatanggol sa akin. Sino ang makapagpapatunay na ako ay may sala? Mawawalang lahat ang nagbibintang sa akin, tulad ng damit na nginatngat ng insekto.

10Kayong lahat na may paggalang kay Yahweh, at sumusunod sa utos ng kanyang lingkod, maaaring ang landas ninyo ay maging madilim, gayunma'y magtiwala kayo at umasa sa kapangyarihan ng Diyos na si Yahweh.

11Kayo namang nagbabalak magpahamak sa iba ang siyang magdurusa sa inyong binabalak. Kahabag-habag ang sasapitin ninyo sapagkat si Yahweh ang gagawa nito.

## Isaias 51

### Mga Salita ng Kaaliwan para sa Jerusalem

1Ang sabi ni Yahweh, “Dinggin ninyo ako, kayo, na naghahanap ng kaligtasan, at humihingi ng tulong. Pagmasdan ninyo ang batong malaki na inyong pinagmulan, tingnan ninyo ang pinaghuhukayan ng bato na inyong pinanggalingan.

2Inyong alalahanin ang ninuno ninyong si Abraham, at ang asawa niyang si Sara na sa lahi ninyo'y nagluwal. Nang aking tawagin si Abraham, siya'y walang anak. Ngunit pinagpala ko siya at pinarami ang kanyang lahi.

3Aking aaliwin ang Jerusalem; at ang lahat ng nakatira sa gumuhong lunsod. Mula sa pagiging tila disyerto, gagawin ko itong tulad ng Halamanan ng Eden. Maghahari roon ang kagalakan at pagpupuri, ang awitan at pasasalamat para sa akin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4“Pakinggan ninyo ako aking bayan, ihahayag ko ang kautusan at katarungan
na magsisilbing tanglaw para sa lahat.

5Ang pagliligtas ko ay agad na darating, hindi na magtatagal at ako'y
magtatagumpay. Ako'y maghahari sa lahat ng bansa. Ang malalayong bansa
ay naghihintay sa akin, at ang pagliligtas ko ang kanilang inaasahan.

6Sa dakong itaas, sa kalangitan kayo ay tumingin, sa dakong ibaba, dito sa
daigdig ay magmasid din. Katulad ng usok, itong kalangita'y pawang
maglalaho, at itong daigdig mawawasak namang parang kasuotan. Ang mga
naroon, lahat ng nilikha ay parang langaw na mamamatay. Ngunit ang
pagliligtas ko ay walang hanggan, ang tagumpay ay walang katapusan.

7“Ang nakakaalam tungkol sa matuwid, sa aki'y makinig, kayong lingkod ko
na tagapag-ingat ng aking kautusan. Hindi kayo dapat matakot sa puna ng
tao, o manlupaypay man kung laitin kayo.

8Katulad ng damit ang mga taong iyan ay masisira, sila'y tulad ng tela na
kakainin ng uod; ngunit walang hanggan at para sa lahat ng salinlahi ang
aking tagumpay at pagliligtas.”

9Gumising ka, O Yahweh, at tulungan po ninyo kami! Gamitin mo ang iyong
kapangyarihan at iligtas mo po kami, tulad noong una. Hindi ba't kayo ang
pumuksa kay Rahab, na dambuhala ng karagatan?

10Kayo rin po ang nagpatuyo sa dagat at gumawa ng daan sa gitna ng tubig,
kaya nakatawid nang maayos ang bayang iyong iniligtas.

11Ang mga tinubos ninyo'y babalik sa Jerusalem, magsisigawan sa galak,
umaawit sa tuwa. Ang mamamalas sa kanilang mukha ay walang hanggang
galak, at sa puso nila ang lungkot at hapis ay mawawalang lahat.

12Sinabi ni Yahweh, “Ako ang nagbibigay ng iyong lakas. Bakit ka matatakot
sa kapwa mo tao? Mamamatay rin silang tulad ng damo.

13Bakit mo nilimot si Yahweh na lumikha sa iyo— siya na naglatag ng
kalangitan at naglagay ng pundasyon sa mundo? Bakit lagi kang takot sa
nang-aalipin? Dahil ba sa galit sila sa iyo, at gusto kang puksain? Ang galit
nila'y huwag mong pansinin.

14Hindi na magtatagal at ang mga bihag ay palalayain, mabubuhay sila nang
matagal at hindi magkukulang sa pagkain.

15Ako nga si Yahweh, ang Diyos na sa iyo'y lumalang. Aking hinahalo ang
pusod ng dagat kaya umiingay ang mga alon. Ang pangalan ko'y Yahweh na
Makapangyarihan sa lahat.

16Itinuro ko na sa iyo ang aking salita, upang ito'y maipahayag mo; at iingatan
ka ng aking mga kamay. Ako ang naglatag nitong kalangitan, pati mga

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

pundasyon ng buong daigdig, ako rin ang naglagay; sabi ko sa Jerusalem, ‘Ikaw ang aking bayan.’”

**Ang Katapusan ng Paghihirap ng Jerusalem**

17Gumising ka Jerusalem! Ikaw ay magbangon, ikaw na umiinom sa kopa ng Diyos na napopoot. Inubos mo hanggang sa masaid ang laman niyon. Kaya ikaw ay susuray-suray ngayon.

18Sa mga anak mo, wala kahit isang sa iyo'y umaalalay, matapos palakihin, at wala man lang humahawak sa iyong mga kamay.

19Dalawang sakuna ang dumating sa iyo; winasak ng digmaan ang iyong lupain at nagkagutom ang mga tao. Wala isa mang umaliw sa iyo.

20Lupaypay na nakahandusay sa lansangan ang mga tao. Tulad nila'y usang nahuli sa bitag ng mangangaso; nadarama nila ang tindi ng poot ni Yahweh, ang galit ng inyong Diyos.

21Kaya ako'y inyong dinggin, kayong lupasay sa matinding hirap, at wari'y lasing gayong hindi uminom ng alak,

22ganito ang sabi ni Yahweh, na inyong Diyos at Tagapagtanggol, “Aalisin ko na ang kopa ng aking poot sa inyong mga kamay, at magmula ngayon hindi ka na iinom ng alak na iyan.

23Aking ililipat ang inuming ito sa inyong mga kaaway, na nagpahandusay sa inyo sa mga lansangan at pagkatapos kayo'y tinapakan.”

## Isaias 52

**Ililigtas ng Diyos ang Jerusalem**

1Gumising ka Jerusalem, magpanibagong-lakas ka! O banal na lunsod, muli mong isuot ang mamahalin mong kasuotan, sapagkat mula ngayon ay hindi na makakapasok diyan ang mga hindi kumikilala sa Diyos.

2Malaya ka na, Jerusalem! Tumindig ka mula sa kinauupuang alabok, at umupo sa iyong trono. Kalagin mo ang taling nakagapos sa iyo!

3Ito ang sabi ni Yahweh sa kanyang bayan: “Ipinagbili kayo nang walang bayad, kaya tutubusin din kayo nang walang bayad.”

4Ganito ang sabi ng Panginoong Yahweh: “Sa simula, ang mga hinirang ko'y nanirahan sa Egipto bilang mga dayuhan. Pagkatapos, inalipin kayo ng mga taga-Asiria na hindi man lamang binayaran.

5Ganyan din ang nangyari sa inyo nang kayo'y bihagin sa Babilonia. Binihag kayo at hindi binayaran. Nagmamayabang ang mga bumihag sa inyo. Walang humpay ang kanilang paglait sa aking pangalan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[6]Kaya darating ang araw, malalaman ninyong ako ang Diyos na nagsalita sa inyo."

[7]O kay gandang pagmasdan sa mga kabundukan, ang sugong dumarating upang ipahayag ang kapayapaan, at nagdadala ng Magandang Balita. Ipahahayag niya ang tagumpay at sasabihin: "Zion, ang Diyos mo ay naghahari!"

[8]Narito! Sisigaw ang nagbabantay, dahil sa galak, sama-sama silang aawit; makikita nila si Yahweh na babalik sa Zion.

[9]Magsiawit kayo, mga guhong pader nitong Jerusalem; sapagkat inaliw ng Diyos ang hinirang niyang bayan; iniligtas na niya itong Jerusalem.

[10]Sa lahat ng bansa, makikita ng mga nilalang, ang kamay ni Yahweh na tanda ng kalakasan; at ang pagliligtas ng ating Diyos tiyak na mahahayag.

[11]Lisanin ninyo ang Babilonia, mga tagapagdala ng kasangkapan ng Templo. Huwag kayong hihipo ng anumang bagay na ipinagbabawal. Manatili kayong malinis at kayo ay mag-alisan.

[12]Ngayon ay lalakad kayong hindi na nagmamadali. Hindi na kayo magtatangkang tumakas. Papatnubayan kayo ni Yahweh; at iingatan sa lahat ng saglit ng Diyos ng Israel.

### Ang Nagdurusang Lingkod

[13]Sinabi ni Yahweh, "Ang lingkod ko'y magtatagumpay sa kanyang gawain; mababantog siya at dadakilain.

[14]Marami ang nagulat nang siya'y makita, dahil sa pagkabugbog sa kanya, halos hindi makilala kung siya ay tao.

[15]Ngayo'y marami rin ang mga bansang magugulantang; pati mga hari kapag siya'y nakita ay matitigilan. Makikita nila ang hindi nabalita kahit na kailan, at mauunawaan ang hindi pa narinig ninuman!"

## Isaias 53

[1]Sumagot ang mga tao, "Sino ang maniniwala sa ibinabalita naming ito? Kanino mo ipinakita ang iyong kapangyarihan?

[2]Kalooban ni Yahweh na matulad sa isang halaman ang kanyang lingkod, parang ugat na natanim sa tuyong lupa. Walang katangian o kagandahang makatawag-pansin, walang taglay na pang-akit para siya ay lapitan.

[3]Hinamak siya ng mga tao at itinakwil. Nagdanas siya ng hapdi at hirap. Wala man lang pumansin sa kanya. Binaliwala natin siya, na parang walang kabuluhan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4“Tunay ngang inalis niya ang ating mga kahinaan, pinagaling niya ang ating mga karamdaman. Subalit inakala nating iyo'y parusa ng Diyos sa kanya.

5Ngunit dahil sa ating mga kasalanan kaya siya nasugatan; siya ay binugbog dahil sa ating kasamaan. Tayo ay gumaling dahil sa pahirap na dinanas niya at sa mga hampas na kanyang tinanggap.

6Tayong lahat ay tulad ng mga tupang naliligaw; nagkanya-kanya tayo ng lakad. Ngunit ipinataw ni Yahweh sa kanya ang kaparusahang tayo ang dapat tumanggap.

7“Siya ay binugbog at pinahirapan, ngunit hindi kumibo kahit isang salita; tulad ay tupang nakatakdang patayin, parang korderong hindi tumututol kahit na gupitan, at hindi umiimik kahit kaunti man.

8Nang siya'y hulihin at hatulan upang mamatay, wala man lamang nagtanggol sa kanyang kalagayan. Siya ay pinatay dahil sa sala ng sangkatauhan.

9Siya'y inilibing na kasama ng masasama at mayayaman, kahit na siya'y walang kasalanan o nagsabi man ng kasinungalingan.”

10Sinabi ni Yahweh, “Ang kanyang paghihirap ay kalooban ko; ang kanyang kamatayan ay handog para sa kapatawaran ng kasalanan. Dahil dito'y mabubuhay siya nang matagal, makikita ang lahing susunod sa kanya. At sa pamamagitan niya'y maisasagawa ang aking panukala.

11Pagkatapos ng mahabang pagdurusa, muli siyang lalasap ng ligaya; malalaman niyang hindi nawalan ng kabuluhan ang kanyang pagtitiis. Ang tapat kong lingkod na lubos kong kinalulugdan ang siyang tatanggap sa parusa ng marami, at alang-alang sa kanya sila'y aking patatawarin.

12Dahil dito siya'y aking pararangalan, kasama ng mga dakila at makapangyarihan; sapagkat kusang-loob niyang ibinigay ang sarili at nakibahagi sa parusa ng masasama. Inako niya ang mga makasalanan at idinalanging sila'y patawarin.”

## Isaias 54

### Ang Pag-ibig ni Yahweh sa Israel

1“Umawit ka Jerusalem, ang babaing hindi magkaanak! Sumigaw ka sa galak, ikaw na hindi pa nakakaranas manganak. Magiging mas marami ang iyong mga anak kaysa sa kanya na may asawa, sabi ni Yahweh.”

2Gumawa ka ng mas malaking tolda, palaparin mo ang kurtina niyon. Huwag mong lagyan ng hangganan ang dakong iyon, pahabain mo ang mga tali. Ibaon mo ng malalim ang mga pantulos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Sapagkat kakalat kayo sa buong daigdig, aangkinin ng inyong lahi ang ibang mga bansa; at pananahanan nila ang mga lunsod doon, na iniwanan.

4Huwag kang matakot o panghinaan man ng loob, sapagkat hindi ka na mapapahiya. Malilimot mo na ang kahihiyang dinanas mo noong iyong kabataan; hindi mo na maaalala ang matinding kalungkutan ng pagiging isang biyuda.

5Sapagkat ang Lumalang sa iyo ay ang asawa mo, ang pangalan niya'y Yahweh na Makapangyarihan sa lahat. Ang tagapagligtas mo ay ang Banal na Diyos ng Israel, kung tawagin siya'y Diyos ng buong sanlibutan.

6Israel, ang katulad mo'y asawang iniwan at ngayo'y nagdurusa, isang babaing maagang nag-asawa at pagkatapos ay itinakwil. Ngunit pinababalik ka ngayon ni Yahweh at sa iyo'y sinasabi,

7“Sandaling panahon kitang iniwanan; ngunit dahil sa tapat kong pag-ibig, muli kitang kakalingain.

8Sa tindi ng aking galit, sandali akong lumayo sa iyo, ngunit ipadarama ko sa iyo ang aking kahabagan sa pamamagitan ng pag-ibig na wagas.” Iyan ang sabi ni Yahweh na magliligtas sa iyo.

9“Noong panahon ni Noe, ako ay sumumpang hindi na mauulit na ang mundong ito'y gunawin sa tubig. Aking ipinapangako ngayon, hindi na ako magagalit sa iyo, at hindi na kita paparusahan muli.

10Maguguho ang mga bundok at ang mga burol ay mayayanig, ngunit ang wagas na pag-ibig ko'y hindi maglalaho, at mananatili ang kapayapaang aking ipinangako.” Iyan ang sinasabi ni Yahweh, na nagmamahal sa iyo.

**Ang Jerusalem sa Panahong Darating**

11Sinabi ni Yahweh, “O Jerusalem, nagdurusang lunsod na walang umaliw sa kapighatian. Muling itatayo ang mga pundasyon mo, ang gagamitin ko'y mamahaling bato.

12Rubi ang gagamitin sa iyong mga tore, batong maningning ang iyong pintuan at sa mga pader ay mga hiyas na makinang.

13Ako mismo ang magtuturo sa iyong mga anak. Sila'y magiging payapa at uunlad ang buhay.

14Patatatagin ka ng katuwiran, magiging ligtas ka sa mga mananakop, at wala kang katatakutang anuman.

15Kung may sumalakay sa iyo, hindi ito mula sa akin; ngunit mabibigo ang sinumang sa iyo ay lumaban.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Ako ang lumikha ng mga panday, na nagpapaapoy sa baga at gumagawa ng mga sandata. Ako rin ang lumikha sa mga mandirigma, na gumagamit sa mga sandata upang pumatay.

17Ngunit mula ngayon, wala nang sandatang gagamitin laban sa iyo, at masasagot mo ang anumang ibibintang sa iyo. Ang mga lingkod ko'y aking ipagtatanggol, at sila'y bibigyan ng pagtatagumpay." Ito ang sinabi ni Yahweh.

## Isaias 55

### Ang Habag ng Diyos

1Sinabi ni Yahweh, "Narito ang tubig, kayong mga nauuhaw. Ang mga walang salapi ay lumapit din dito, bumili kayo ng pagkain at ito'y kainin ninyo! Bumili kayo ng alak at gatas kahit walang salaping pambayad.

2Bakit gumugugol kayo ng salapi sa mga bagay na hindi nakakabusog? Bakit ninyo inuubos ang perang kinita sa mga bagay na sa inyo ay hindi nagbibigay kasiyahan? Makinig kayong mabuti sa akin at sundin ang utos ko, at matitikman ninyo ang pinakamasasarap na pagkain.

3Makinig kayo at lumapit sa akin. Sundin ninyo ako at magkakaroon kayo ng buhay! Isang walang hanggang kasunduan ang gagawin natin; pagtitibayin ko ang aking walang hanggang pag-ibig kay David.

4Masdan ninyo! Ginawa ko siyang saksi sa mga bansa, pinuno at tagapagmana sa mga bayan.

5Iyong tatawagin ang mga bansang hindi mo kilala, mga bansang hindi ka kilala'y sa iyo pupunta. Darating sila alang-alang sa iyong Diyos na si Yahweh, ang Banal na Diyos ng Israel, sapagkat pinaparangalan ka niya."

6Hanapin mo si Yahweh habang siya'y matatagpuan, manalangin ka sa kanya habang siya'y malapit pa.

7Dapat nang talikuran ang mga gawain ng taong masama, at dapat magbago ng pag-iisip ang taong liko. Sila'y dapat manumbalik, at lumapit kay Yahweh upang kahabagan; at mula sa Diyos, makakamit nila ang kapatawaran.

8Ang sabi ni Yahweh, "Ang aking kaisipa'y hindi ninyo kaisipan, ang inyong kaparaanan ay hindi ko kaparaanan.

9Kung paanong ang langit ay mas mataas kaysa lupa, ang aking kaparaanan ay higit kaysa inyong kaparaanan, at ang aking kaisipan ay hindi maaabot ng inyong kaisipan.

10"Ang ulan at yelo na bumabagsak mula sa langit ay hindi na nagbabalik, kundi dinidilig nito ang lupa, kaya lumalago ang mga halaman at namumunga at nagbibigay ng butil na panghasik, at tinapay upang maging pagkain.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Gayundin naman ang mga salita na lumalabas sa aking bibig, ang mga ito'y hindi babalik sa akin na walang katuturan. Tutuparin nito ang aking mga balak, at gagawin nito ang aking ninanais.

12"May galak na lilisanin ninyo ang Babilonia, mapayapa kayong aakayin palabas ng lunsod. Aawit sa tuwa ang mga bundok at mga burol, sisigaw sa galak ang mga punongkahoy.

13Sa halip na mga tinik, kahoy na mayabong ang siyang tutubo; sa halip na dawag, mga kakahuyan ay muling darami at magsisilago. Ang lahat ng ito'y parangal kay Yahweh, walang hanggang tanda sa lahat ng kanyang mga ginawa."

## Isaias 56

### Ang Lahat ng Bansa ay Mapapasama sa Bayan ng Diyos

1Ang sabi ni Yahweh sa kanyang bayan: "Panatilihin ang katarungan at gawin ang tama, sapagkat ang pagliligtas ko'y hindi na magtatagal, at ang aking tagumpay ay mahahayag na.

2Mapalad ang taong nagsasagawa nito, siya na tumatalima sa tuntuning ito. Iginagalang niya ang Araw ng Pamamahinga, at lumalayo sa gawang masama."

3Hindi dapat sabihin ng isang dayuhang nakipagkaisa sa bayan ng Diyos, na siya'y hindi papayagan ni Yahweh na makisama sa pagsamba ng kanyang bayan. Hindi dapat isipin ng mga eunuko na hindi sila karapat-dapat na mapabilang sa bayan ng Diyos sapagkat hindi sila magkakaanak.

4Ang sabi ni Yahweh: "Sa mga eunukong gumagalang sa Araw ng Pamamahinga, na gumagawa ng mga bagay na nakalulugod sa akin at tapat na iniingatan ang aking kasunduan.

5Ang pangalan mo'y aalalahanin sa aking Templo at sa gitna ng aking bayan nang mas matagal kaysa paggunita sa iyo, kung ikaw ay nagkaroon ng mga anak. Hindi ka malilimot kahit kailan."

6Ito naman ang sabi ni Yahweh sa mga dating dayuhan na ngayo'y kabilang sa kanyang bayan, buong pusong naglilingkod sa kanya, iginagalang ang Araw ng Pamamahinga, at matapat na nag-iingat sa kanyang tipan:

7"Dadalhin ko kayo sa banal na bundok. Ipadarama ko sa inyo ang kagalakan sa aking Templo. Malulugod ako sa inyong mga handog; at ang aking tahanan ay tatawaging bahay-dalanginan ng lahat ng bansa."

8Ipinangako pa ng Panginoong Yahweh, sa mga Israelitang ibinalik niya mula sa pagkatapon, na marami pa siyang isasama sa kanila para mapabilang sa kanyang bayan.

### Hinatulan ang mga Pinuno ng Israel

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Tinawag ni Yahweh ang ibang mga bansa upang salakayin at wasakin ang kanyang bayan, tulad ng pagsalakay ng mababangis na hayop mula sa kagubatan.

10Ang sabi niya, “Bulag ang mga pinuno na dapat magpaalala sa mga tao. Wala silang nalalaman. Para silang mga asong hindi marunong tumahol. Ang alam lang nila'y magyabang at mangarap. Ang ibig ay laging matulog.

11Para silang asong gutom, walang kabusugan; sila'y mga pastol na walang pang-unawa. Ginagawa nila ang anumang magustuhan at walang iniisip kundi sariling kapakanan.

12Ang sabi nila, “Halikayo, at kumuha kayo ng alak, uminom tayo hanggang mayroon. Mag-iinuman muli tayo bukas nang mas marami kaysa ngayon!”

## Isaias 57

### Hinatulan ang Maling Pagsamba

1Ang taong matuwid kapag namamatay, walang nakakaunawa at walang nakikialam; ngunit siya'y kinukuha upang iligtas sa kapahamakan.

2Mapayapa ang buhay, ng taong lumalakad sa katuwiran kahit siya'y mamatay.

3Halikayo, mga makasalanan upang hatulan. Wala kayong pagkakaiba sa mga mangkukulam, nangangalunya at babaing masasama.

4Sino ba ang inyong pinagtatawanan? Sino ba ang inyong hinahamak? Mga anak kayo ng sinungaling.

5Sinasamba ninyo ang mga diyus-diyosan sa pamamagitan ng pakikipagtalik habang nasa ilalim ng mga punong ensina na ipinalalagay ninyong sagrado. Sinusunog ninyo bilang handog ang inyong mga anak, sa mga altar sa may libis, sa loob ng mga yungib.

6Makinis na bato'y sinasamba ninyo na tulad ng diyos, kayo'y kumukuha ng pagkain at alak upang ihandog; sa gawa bang ito, ako'y malulugod?

7Sa tuktok ng bundok, kayo'y umaahon upang maghandog, at makipagtalik.

8Pagpasok ng pinto, nagtayo kayo roon ng diyus-diyosan, ako'y nilimot ninyo at inyong nilayasan. Lubos kayong nag-alis ng suot ninyong damit; sa inyong higaa'y nakipagtalik sa mga lalaking inyong inupahan. Kayo ay natulog na kasama nila para pagbigyan ang inyong pagnanasa.

9Kayo ay nagtungo sa hari na may dalang langis ng olibo, at dinagdagan ninyo ang inyong pabango; kayo ay nagsugo sa malayong lugar at kayo mismo ang lumusong sa daigdig ng mga patay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Lubha kayong nagpagod sa maraming lakbayin, at kailan ma'y hindi sinabi na wala na itong pag-asa. Kayo ay nagpanibagong-lakas, at dahil dito ay hindi nanghina.

11Ang tanong ni Yahweh, “Sino ba ang inyong kinatatakutan kaya nagsinungaling kayo sa akin at lubusang tumalikod? Matagal ba akong nanahimik kaya kayo tumigil ng pagpaparangal sa akin?

12Akala ninyo'y tama ang inyong ginagawa. Ibubunyag ko ang masama ninyong gawa; at tingnan ko lang kung tutulungan kayo ng mga diyus-diyosang iyan.

13Ang diyus-diyosang tinatawag ninyo'y hindi makatutulong o makakapagligtas, kahit kayo'y managhoy; ang mga diyos ninyo'y lilipad kung hangin ay umihip, kaunting ihip lamang, sila'y itataboy. Subalit ang taong sa aki'y may tiwala at laging umaasa, ang banal na bundok at ang lupaing ito'y mamanahin niya.”

### Ang Pangakong Tulong at Pagpapagaling ng Diyos

14Ang sabi ni Yahweh: “Ang mga hinirang ay inyong bayaang magbalik sa akin, ang bawat hadlang sa daan ay inyong alisin; ang landas ay gawin at inyong ayusin.”

15“Ako ang Kataas-taasan at Banal na Diyos, ang Diyos na walang hanggan. Matataas at banal na lugar ang aking tahanan, sa mababang-loob at nagsisisi, ako ay sasama, aking ibabalik ang pagtitiwala nila at pag-asa.

16Ako ang nagbigay ng buhay sa aking bayan, sila'y hindi ko patuloy na uusigin; at ang galit ko sa kanila'y hindi mananatili sa habang panahon.

17Nagalit ako sa kanila dahil sa kanilang kasalana't kasakiman, kaya sila'y aking itinakwil. Ngunit matigas ang kanilang ulo at patuloy na sumuway sa akin.

18Sa kabila ng ginawa nila, sila'y aking pagagalingin at tutulungan, at ang nagluluksa'y aking aaliwin.

19Bibigyan ko ng kapayapaan ang lahat, maging nasa malayo o nasa malapit man. Aking pagagalingin ang aking bayan.

20Ngunit ang masasama ay tulad ng dagat na laging maalon, walang pahinga sa buong panahon; mga burak at putik buhat sa ilalim ang iniaahon.

21Walang kapayapaan ang mga makasalanan.” Sabi ng aking Diyos.

## Isaias 58

### Ang Tunay na Pagsamba

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Sinabi ni Yahweh, “Sumigaw ka nang malakas na malakas; itaas mo ang iyong tinig gaya ng trumpeta. Ang kasalanan ng bayan ko sa kanila'y ihayag.

2Sinasangguni nila ako sa araw-araw, tinatanong nila ako kung paano sila mamumuhay. Kung kumilos sila ay parang matuwid, at hindi sumusuway sa mga tuntuning ibinigay ng kanilang Diyos. Humihingi sila sa akin ng matuwid na pasya; nais nila'y maging malapit sa Diyos.”

3Tanong ng mga tao, “Bakit hindi mo pansin ang pag-aayuno namin? Bakit walang halaga sa iyo kung kami ma'y magpakumbaba?” Sagot ni Yahweh, “Pansariling kapakanan pa rin ang pangunahing layunin ninyo sa pag-aayuno, at habang nag-aayuno'y patuloy ninyong inaapi ang mga manggagawa.

4Ang pag-aayuno ninyo'y humahantong lamang sa karahasan, kayo'y nagkakagalit at naglalaban-laban. Hindi tunay ang pag-aayunong ginagawa ninyo ngayon, kaya tiyak na hindi ko papakinggan, ang inyong mga dalangin sa akin.

5Ganyan ba ang pag-aayunong aking kaluluguran? Iyan ba ang araw na talagang nagpapakumbaba ang mga tao? Hinihiling ko ba na yumuko kayong tulad ng damong hinihipan ng hangin, o mahiga kayo sa sako at abo? Pag-aayuno na ba ang tawag ninyo diyan, isang araw na nakalulugod kay Yahweh?

6“Ganitong pag-aayuno ang gusto kong gawin ninyo: Palayain ninyo ang mga di-makatarungang ipinabilanggo; kalagin ninyo ang tanikala ng inyong mga inalipin. Palayain ninyo ang mga inaapi, at baliin ang mga pamatok ng mga alipin.

7Ang mga nagugutom ay inyong pakainin, ang mga walang tirahan ay inyong patuluyin. Ang mga walang maisuot ay inyong bigyan ng mga damit. At sa mga nangangailangang mga kamag-anak ay huwag kayong magkakait.

8Kung magkagayon, sisikat ang liwanag sa inyo, at matutulad kayo sa bukang-liwayway, hindi magtatagal at manunumbalik ang inyong kalusugan. Mahahayag sa inyong unahan ang mabubuti ninyong gawa, at sa inyong hulihan ay papatnubayan kayo ng kaluwalhatian ni Yahweh.

9Sa araw na iyon, diringgin ni Yahweh ang inyong dalangin; kapag kayo'y humingi ng tulong, sasabihin niya, ‘Naririto ako.’ “Kapag itinakwil ninyo ang pang-aapi, maling pagbibintang at pagsisinungaling;

10kapag ang nagugutom ay kusang-loob ninyong pakakainin, at tutulungan ang mahihirap, sisikat ang liwanag sa inyong nasa kadiliman, at ang inyong kapanglawan ay magliliwanag gaya ng sa katanghaliang-tapat.

11Patuloy kayong papatnubayan ni Yahweh at ibibigay ang pangangailangan sa gitna ng disyerto. Palalakasin niyang muli ang inyong mga buto. At

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

magiging tulad kayo ng isang hardin, na binubukalan ng masaganang tubig, o isang batis na hindi natutuyo.

12Muli ninyong itatayo ang kutang gumuho, at itatatag ito sa dating pundasyon. Makikilala kayo bilang tagapagtayo ng mga nawasak na pader, mga tagapagtatag ng bagong pamayanan."

13Sinabi pa ni Yahweh, "Inyong igagalang ang takdang Araw ng Pamamahinga, huwag kayong gagawa para sa pansariling kapakanan sa araw na banal. Sa araw na ito'y mamamahinga kayo at huwag maglalakbay, o gagawa o mag-uusap ng tungkol sa mga bagay na walang kabuluhan.

14At kung magkagayon, madarama ninyo ang kagalakan ng paglilingkod sa akin. Bibigyan ko kayo ng karangalan sa harap ng buong daigdig; at tatamasahin ninyo ang kaligayahan habang naninirahan sa lupaing ibinigay ko sa ninuno ninyong si Jacob. Mangyayari ito sapagkat akong si Yahweh ang nagsabi nito."

## Isaias 59

### Hinatulan ang Pang-aapi at Walang Katarungan

1Tingnan ninyo, si Yahweh ay may kakayahan upang iligtas ka; siya'y hindi bingi upang hindi marinig ang inyong hinaing.

2Ang masasama ninyong gawa ang dahilan ng pagkawalay ninyo sa Diyos. Nagkasala kayo kaya hindi ninyo siya makita, at hindi niya kayo marinig.

3Natigmak sa dugo ang inyong mga kamay, ang inyong mga daliri'y sanhi ng katiwalian. Ang inyong mga labi ay puno ng kasinungalingan; ang sinasabi ng inyong mga dila ay pawang kasamaan.

4Hindi makatarungan ang inyong pagsasakdal sa hukuman; hindi rin matapat ang hatol ng inyong mga hukom. Ang inyong batayan ay hindi tamang pangangatuwiran, at ang pananalita ninyo'y pawang kasinungalingan. Ang iniisip ninyo'y pawang kaguluhan na nagiging sanhi ng maraming kasamaan.

5Mga itlog ng ahas ang kanilang pinipisa, mga sapot ng gagamba ang kanilang hinahabi. Sinumang kumakain ng itlog na ito'y mamamatay; bawat napipisa ay isang ulupong ang lumilitaw.

6Hindi magagawang damit ang mga sapot, hindi nito matatakpan ang kanilang mga katawan. Ang mga ginagawa nila'y kasamaan, pawang karahasan ang gawa ng kanilang mga kamay.

7Mabilis ang kanilang paa sa paggawa ng masama, nagmamadali sila sa pagpatay ng mga walang sala; pawang kasamaan ang kanilang iniisip. Bakas ng pagkawasak ang kanilang iniiwan sa kanilang malalawak na lansangan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Hindi nila alam ang landas patungo sa kapayapaan, wala silang patnubay ng katarungan; liku-likong landas ang kanilang ginagawa; ang nagdaraan doo'y walang kapayapaan.

### Inamin ng mga Tao ang Kanilang Kasalanan

9Dahil dito, ang katarungan ay malayo sa amin, hindi namin alam kung ano ang katuwiran. Alam na namin ngayon kung bakit hindi kami iniligtas ng Diyos, sa mga nagpahirap sa amin. Umasa kaming liwanag ay darating, ngunit kadiliman ang aming kinasadlakan.

10Tulad nami'y bulag na nangangapa sa paglakad, nadarapa kami tulad ng mga walang paningin. Sa katanghaliang-tapat, kami'y natatalisod na para bang gabi na, parang kami'y nasa dilim tulad ng mga patay.

11Umuungal tayong lahat na gaya ng mga oso; dumaraing tayo at nagdadalamhati tulad ng mga kalapati. Ang hinihintay nating katarungan ay hindi dumarating. Nais nating maligtas sa kaapihan at kahirapan ngunit ang kaligtasan ay malayo.

12Yahweh, maraming beses kaming naghimagsik laban sa iyo; inuusig kami ng aming mga kasalanan. Alam naming kami'y naging makasalanan. Nalalaman namin ang aming mga pagkakasala.

13Naghimagsik kami sa iyo, O Yahweh, at itinakwil ka namin at hindi na sumunod sa iyo. Ang sinasabi namin ay pawang pang-aapi at pagtataksil; ang inuusal ng aming mga bibig ay mga kasinungalingan, na katha ng aming mga isip.

14Itinakwil namin ang katarungan at lumayo kami sa katuwiran. Ang katotohanan ay nahandusay sa mga liwasang-bayan, at hindi makapanaig ang katapatan.

15Hindi matagpuan ang katotohanan, kaya nanganganib ang buhay ng mga tao, na ayaw gumawa ng kasamaan.

### Humanda si Yahweh para Iligtas ang Kanyang Bayan

Nang makita ni Yahweh na wala nang katarungan, siya ay nalungkot.

16Nakita niya na wala kahit isang magmalasakit sa mga api. Dahil dito'y gagamitin niya ang kanyang kapangyarihan upang sila'y iligtas, at siya'y magtatagumpay.

17Ang suot niya sa dibdib ay baluti ng katuwiran, at sa kanyang ulo naman ang helmet ng kaligtasan. Paghihiganti ang kanyang kasuotan, at poot naman ang kanyang balabal.

18Paparusahan niya ang mga kaaway ayon sa kanilang ginawa, kahit ang nasa malalayong lugar ay kanyang gagantihan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Kaya katatakutan siya ng mga taga-kanluran, at dadakilain sa dakong
silangan; darating si Yahweh, tulad ng malakas na agos ng tubig, gaya ng
ihip ng malakas na hangin.

20Sinabi ni Yahweh sa kanyang bayan, “Pupunta ako sa Zion upang tubusin
ang mga taong mula sa lahi ni Jacob na magsisisi sa kanilang kasalanan.

21Ito ang aking kasunduan sa inyo,” sabi ni Yahweh. “Ibinigay ko na ang aking
kapangyarihan at mga katuruan upang sumainyo magpakailanman. Mula
ngayon ay susundin ninyo ako at tuturuan ang inyong mga anak at salinlahi
na sumunod sa akin sa buong panahong darating.”

## Isaias 60

### Ang Magandang Kasasapitan ng Jerusalem

1Bumangon ka, Jerusalem, at sumikat na tulad ng araw. Liliwanagan ka ng
kaluwalhatian ni Yahweh.

2Mababalot ng kadiliman ang buong daigdig; ngunit ikaw ay liliwanagan ni
Yahweh, at mapupuspos ka ng kanyang kaluwalhatian.

3Ang mga bansa ay lalapit sa iyong liwanag, ang mga hari ay pupunta sa
ningning ng iyong pagsikat.

4Pagmasdan mo ang iyong kapaligiran, ang lahat ay nagtitipun-tipon upang
magtungo sa iyo; manggagaling sa malayo ang mga anak mong lalaki; ang
mga anak mong babae'y kakargahing parang mga bata.

5Magagalak ka kapag nakita sila; sa iyong damdami'y pawang kasiyahan ang
madarama; sapagkat malaking yaman buhat sa karagata'y iyong matatamo,
at mapapasaiyo ang kayamanan ng maraming bansa.

6Darating ang maraming pangkat ng kamelyo mula sa Midian at Efa; buhat
sa Seba ay darating silang may dalang mga ginto at insenso, at naghahayag
ng pagpupuri kay Yahweh.

7Lahat ng kawan ng tupa sa Kedar ay dadalhin sa iyo, at paglilingkuran ka ng
mga barakong tupa sa Nebaiot. Ihahain sila bilang handog sa aking altar at
pararangalan ko ang aking Templo.

8Sino ang mga ito na lumilipad na tulad ng mga ulap, at gaya ng mga
kalapating bumabalik sa tahanan?

9Ang mga malalaking barko ay hinihintay sa daungan; upang dalhin ang iyong
mga anak mula sa malalayong lupain. May mga dala silang ginto at pilak,
bilang pagpaparangal kay Yahweh na iyong Diyos, ang Banal na Diyos ng
Israel, sapagkat ikaw ay kanyang pinaparangalan.

10Sinabi ni Yahweh sa Jerusalem, “Mga dayuhan ang muling magtatayo ng
iyong mga pader, at maglilingkod sa iyo ang kanilang mga hari. Nang ako'y

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

mapoot, ikaw ay pinarusahan ko, ngunit ngayo'y tinutulungan kita at kinahahabagan.

11Ang mga pintuan mo'y aking ibubukas araw at gabi, upang dito papasok ang mga hari ng mga bansa, at dalhin sa iyo ang kanilang mga kayamanan.

12Ngunit ang bansa o kahariang hindi maglilingkod sa iyo ay ganap na wawasakin.

13At ang kayamanan ng Lebanon ay magiging iyo; sama-samang pagagandahin ang aking santuwaryo; sa pamamagitan ng mga kahoy na mahuhusay, tulad ng sipres, pino at iba pa. Upang lalong maging maningning ang aking tahanan.

14Nakayukong lalapit sa iyo bilang paggalang ang mga salinlahi ng mga bansang sa iyo'y umapi; hahalik sa iyong paa ang mga humahamak sa iyo, at tatawagin ka nilang, ‘Zion, ang lunsod ni Yahweh, ang Banal na Diyos ng Israel.’

15“Hindi na kita pababayaan at kapopootan o iiwang mag-isa. Ikaw ay kanilang itataas at dadakilain; magiging lugar ng kaligayahan magpakailanman.

16Aalagaan ka ng mga hari't mga bansa, tulad ng pag-aalaga ng isang ina sa kanyang anak. Malalaman mong akong si Yahweh ang iyong Tagapagligtas; at palalayain ka ng Makapangyarihang Diyos ni Jacob.

17“Sa halip na tanso ay bibigyan kita ng gintong dalisay, pilak ang bigay ko sa halip na bakal; sa halip na kahoy, tanso ang dala ko, papalitan ko ng bakal ang dati'y bato. Ang kapayapaan ay paghahariin sa iyo, at ang katarungan ay mararanasan mo.

18Ang ingay ng ‘Karahasan’ ay hindi na maririnig pa, gayundin ang ‘Pagwasak’ sa iyong nasasakupan; ang iyong mga pader ay tatawagin mong ‘Kaligtasan,’ at ‘Papuri’ naman ang iyong mga pintuan.

19“Sa buong maghapon ay wala nang araw na sisikat, sa buong magdamag ay wala nang buwan na tatanglaw, sapagkat si Yahweh mismo ang magiging ilaw mo magpakailanman, at ang iyong Diyos ang liwanag mong walang katapusan.

20Kailanma'y hindi na lulubog ang iyong araw, at ang iyong buwan ay hindi na rin maglalaho; si Yahweh ang iyong magiging walang hanggang ilaw, at ang mga araw ng iyong kapighatian ay mawawala.

21Ang mamamayan mo'y magkakaroon ng matuwid na pamumuhay, kaya ang lupain ay aariin nila magpakailanman. Sila'y nilikha ko at itinanim, upang ihayag nila ang aking kadakilaan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Ang pinakamaliit na lipi ninyo ay dadaming mainam, at ang munting bansa ay magiging makapangyarihan. Ako si Yahweh na kaagad tutupad sa aking mga pangako kapag dumating na ang takdang panahon.”

## Isaias 61

### Magandang Balita ng Kaligtasan

1Ang Espiritu ng Panginoong Yahweh ay sumasaakin sapagkat ako'y kanyang hinirang; sinugo niya ako upang dalhin ang Magandang Balita sa mga inaapi, upang pagalingin ang mga sugatang-puso, upang ipahayag sa mga bihag at sa mga bilanggo na sila'y lalaya.

2Sinugo niya ako upang ipahayag na darating na ang panahon ng pagliligtas ni Yahweh; at ang paghihiganti ng Diyos laban sa kanyang mga kaaway; sinugo niya ako upang aliwin ang mga nagluluksa;

3upang pasayahin ang mga tumatangis sa Zion, kaligayahan sa halip na bigyan ng kapighatian, awit ng kagalakan sa halip na kalungkutan; matutulad sila sa mga punong itinanim ni Yahweh, na ginagawa kung ano ang makatuwiran, at maluluwalhati ang Diyos dahil sa kanilang ginawa.

4Muli nilang itatayo ang mga sirang lunsod, na napakatagal nang wasak at tupok.

5Paglilingkuran kayo ng mga dayuhan, at sila ang magpapastol ng inyong mga kawan; mga dayuhan din ang magsasaka ng inyong lupain at mag-aalaga ng inyong ubasan.

6Ngunit kayo nama'y tatawaging mga pari ni Yahweh, at makikilalang mga lingkod ng ating Diyos. Pagpipistahan ninyo ang kayamanan ng mga bansa. Ipagmamalaking inyo na ang karangyaang dati'y sa kanila.

7Sa halip na kahihiyan, ang bayan ko'y tatanggap ng kasaganaan. Sa halip na paghamak, sila'y magsasaya sa kanilang minana, magiging doble ang inyong kayamanan; at ang inyong kagalaka'y magpasawalang hanggan.

8Ang sabi ni Yahweh: “Ako'y namumuhi sa kasalanan at pang-aalipin; ang nais ko'y katarungan. Gagantimpalaan ko ang mga taong tapat sa akin, walang hanggang tipan ang aking gagawin para sa kanila.

9Ang lahi nila ay makikilala sa lahat ng bansa, ang mga anak nila'y sisikat sa gitna ng madla; sinumang makakita sa kanila ay makikilalang sila ang aking bayang pinagpala.”

10Buong puso akong nagagalak kay Yahweh. Dahil sa Diyos ako'y magpupuri sapagkat sinuotan niya ako ng damit ng kaligtasan, at balabal ng katuwiran, gaya ng lalaking ikakasal na ang palamuti sa ulo'y magagandang bulaklak, gaya ng babaing ikakasal na nakasuot ng mga alahas.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Kung paanong sa lupa'y sumisibol ang halaman, at sa hardin ay lumilitaw ang binhing itinanim, ipapakita ng Panginoong Yahweh, ang kanyang katuwiran at papuri sa harap ng lahat ng bansa.

## Isaias 62

1Magsasalita ako para lumakas ang loob ng Jerusalem. Hindi ako tatahimik hanggang hindi niya nakakamit ang kaligtasan; hanggang sa makita ang kanyang tagumpay na parang sulong nagliliyab.

2Makikita ng mga bansa ang pagpapawalang-sala sa iyo, at ng lahat ng hari ang iyong kaningningan. Ikaw ay tatawagin sa isang bagong pangalan, na si Yahweh mismo ang magkakaloob.

3Ikaw ay magiging magandang korona sa kamay ni Yahweh, isang maharlikang putong na hawak ng Diyos.

4Hindi ka na tatawaging ‘Pinabayaan,’ at ang lupain mo'y hindi na rin tatawaging ‘Asawang Iniwanan.’ Ang itatawag na sa iyo'y ‘Kinalulugdan ng Diyos,’ at ang lupain mo'y tatawaging ‘Maligayang Asawa,’ sapagkat si Yahweh ay nalulugod sa iyo, at ikaw ay magiging parang asawa sa iyong lupain.

5Tulad ng isang binatang ikinakasal sa isang birhen, ikaw ay pakakasalan ng sa iyo ay lumikha, kung paanong nagagalak ang binata sa kanyang kasintahan, ganoon din ang kagalakan ng Diyos sa iyo.

6Naglagay ako ng mga bantay sa mga pader mo, Jerusalem; hindi sila tatahimik araw at gabi. Ipapaalala nila kay Yahweh ang kanyang pangako, upang hindi niya ito makalimutan.

7Huwag ninyo siyang pagpapahingahin hanggang hindi niya naitatatag muli itong Jerusalem; isang lunsod na pinupuri ng buong mundo.

8Sumumpa si Yahweh at gagawin niya iyon sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan: “Hindi na ibibigay ang inyong ani upang kainin ng mga kaaway; hindi rin makakainom ang mga dayuhan, sa alak na inyong pinaghirapan.

9Kayong nagpagod at nagpakahirap, nagtanim, nag-ani, ang siyang makikinabang at magpupuri kay Yahweh; kayong nag-alaga at nagpakahirap sa mga ubasan, kayo ang iinom ng alak sa mga bulwagan ng aking Templo.”

10Pumasok kayo at dumaan sa mga pintuan! Gumawa kayo ng daan para sa ating kababayang nagsisibalik! Maghanda kayo ng malawak na lansangan! Alisan ninyo ito ng mga bato! Maglagay kayo ng mga tanda upang malaman ng mga bansa,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

11na si Yahweh ay nagpapahayag sa buong lupa: Sabihin mo sa mga taga-Zion, "Narito, dumarating na ang inyong Tagapagligtas; dala niya ang gantimpala sa mga hinirang."

12Sila'y tatawagin ng mga tao na 'Bayang Banal, na Tinubos ni Yahweh.' Tatawagin silang 'Lunsod na Minamahal ng Diyos,' 'Lunsod na hindi Pinabayaan ng Diyos.'

## Isaias 63

### Ang Tagumpay ni Yahweh Laban sa mga Bansa

1"Sino itong dumarating na buhat sa Edom, buhat sa Bozra na ang maringal na kasuotan ay kulay pula? Sino ang magiting na lalaking ito na kung lumakad ay puno ng kasiglahan? Ako ang nagbabadya ng tagumpay; ang kalakasan ko'y sapat na upang kayo ay iligtas."

2"Bakit pula ang iyong suot? Tulad ng damit ng nagpipisa ng ubas upang gawing alak?"

3Ang sagot ni Yahweh: "Pinisa ko ang mga bansa na parang ubas, wala man lang tumulong sa akin; tinapakan ko sila sa tindi ng aking galit, kaya natigmak sa dugo ang aking damit.

4Nagtakda na ako ng araw upang maghiganti, sapagkat dumating na ang panahon ng aking pagliligtas.

5Ako'y naghanap ng makakatulong ngunit walang nakita kahit isa; ako'y pinalakas ng aking galit, at mag-isa kong nakamit ang pagtatagumpay.

6Sa tindi ng aking galit ay dinurog ko ang mga bansa, aking ibinuhos ang kanilang mga dugo sa lupa."

### Ang Kabutihan ni Yahweh sa Israel

7Aking sasaysayin ang pag-ibig ni Yahweh na hindi nagmamaliw; pupurihin ko siya sa lahat ng bagay na kanyang ginawa para sa atin. Tunay na kanyang pinagpala ang bayang Israel, dahil sa kahabagan niya at wagas na pag-ibig.

8Sinabi ni Yahweh, "Sila ang bayan ko na aking hinirang, kaya hindi nila ako pagtataksilan." Iniligtas niya sila

9sa kapahamakan at kahirapan. Hindi isang anghel, kung hindi si Yahweh mismo ang nagligtas sa kanila; iniligtas sila dahil sa pag-ibig niya't habag, na sa simula pa ay kanya nang ipinakita.

10Ngunit sa kabila nito, sila'y naghimagsik at pinighati nila ang kanyang banal na Espiritu; dahil doon naging kaaway nila si Yahweh.

11Pagkatapos, naalala nila ang panahon ni Moises, ang lingkod ni Yahweh. Ang tanong nila, "Nasaan na si Yahweh, na nagligtas sa mga pinuno ng

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

kanyang bayan nang sila'y tumawid sa Dagat ng mga Tambo? Nasaan na si Yahweh, na nagbigay ng kanyang banal na Espiritu kay Moises?

12Sa pangalan ni Yahweh, hinawi ni Moises ang tubig ng dagat, kaya ang Israel doon ay naligtas. At siya ay natanyag sa lahat para sa kanyang sarili."

13Natawid nila ang karagatan sa tulong ni Yahweh, parang kabayong matatag na hindi nabuwal.

14Kung paanong ang kawan ay dinadala sa sariwang pastulan, ang Espiritu ni Yahweh ang nagbigay ng kapahingahan sa kanyang bayan, at sila'y ginabayan upang siya ay maparangalan.

**Dalangin para sa Tulong ni Yahweh**

15Magmula sa langit tunghayan mo kami, Yahweh, at iyong pagmasdan mula sa iyong dakila at banal na trono. Saan ba naroon ang malasakit mo at kapangyarihan? Pag-ibig mo at kahabagan, huwag kaming pagkaitan.

16Kung walang nagawa sa amin si Jacob at Abraham, ikaw lamang, Yahweh, ang aming pag-asa at Amang aasahan; tanging ikaw lamang ang nagliligtas ng aming buhay.

17Bakit ba, O Yahweh, kami'y tinulutang maligaw ng landas, at ang puso nami'y iyong hinayaang maging matigas? Balikan mo kami at iyong kaawaan, mga lingkod mo na tanging iyo lamang.

18Kami, na iyong banal na bayan ay sandaling itinaboy ng mga kaaway; winasak nila ang iyong santuwaryo.

19Ang turing mo sa amin ay parang hindi mo pinamahalaan; ang nakakatulad ay mga nilalang na di nakaranas na iyong pagharian.

## Isaias 64

1Bakit hindi mo buksan ang langit at bumabâ ka sa mundong ibabaw, upang ang mga bundok ay manginig sa takot sa iyong harapan?

2Sila'y manginginig na parang tubig na kumukulo sa init ng apoy. Ipakita mo ang iyong kapangyarihan sa iyong mga kaaway, upang manginig ang mga bansa sa iyong harapan.

3Nang ikaw ay dumating sa nakaraang panahon, gumawa ka ng mga bagay na nakakapangilabot na hindi namin inaasahan; ang mga bundok ay nanginig sa takot nang ikaw ay makita.

4Sangkatauhan ay wala pang nakikita o naririnig na Diyos maliban sa iyo; ikaw na tumutugon sa mga dalangin ng mga umaasa sa iyo.

5Tinatanggap mo ang mga taong nagagalak gumawa ng tama; at sila na sa iyo'y nakakaalala sa nais mong maging buhay nila. Ngunit kapag patuloy

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

kaming nagkakasala, ikaw ay nagagalit. At sa kabila ng iyong poot, patuloy kami sa paggawa ng masama.

6Lahat tayo'y naging marumi sa harapan ng Diyos; ang mabubuting gawa nati'y maruruming basahan ang katulad. Nalanta na tayong lahat gaya ng mga dahon; tinatangay tayo ng malakas na hangin ng ating kasamaan.

7Walang sinumang tumatawag sa pangalan mo; walang sinumang bumabangon upang sa iyo'y lumapit. Kami'y iyong pinagtaguan, at dahil sa aming mga kasalanan, kami'y iyong pinuksa.

8Gayunman, O Yahweh, ikaw pa rin ang aming Ama. Kami ang putik at ikaw ang magpapalayok. Ikaw ang sa ami'y humubog.

9O Yahweh, huwag kang mapoot sa amin nang labis; huwag mo nang alalahanin magpakailanman ang aming mga kasamaan; mahabag ka sa amin sapagkat kami'y iyong bayan.

10Ang mga banal na lunsod mo'y naging mga disyerto; ang Jerusalem ay naging mapanglaw na guho.

11Ang aming banal at magandang Templo, na sinasambahan ng aming mga ninuno, ngayon ay sunog na; at ang lahat ng lugar na kawili-wiling pagtipunan, ay wasak nang tuluyan.

12O Yahweh, pagkatapos ng mga bagay na ito, ano ang iyong gagawin? Tatahimik ka ba at patuloy kaming pahihirapan?

## Isaias 65

### Parusa sa Mapanghimagsik

1Sinabi ni Yahweh: “Nakahanda akong sagutin ang panalangin ng aking bayan, ngunit hindi naman sila nananalangin. Nakahanda akong magpakita sa naghahanap sa akin, ngunit hindi naman sila naghahanap. Sinasabi ko sa bansang ayaw tumawag sa akin, ‘Narito ako upang ikaw ay tulungan.’

2Buong maghapong nakaunat ang aking mga kamay, sa isang bansang mapanghimagsik, at ginagawa ang lahat ng magustuhan nila.

3Sinasadya nilang ako ay galitin, naghahandog sila sa mga sagradong hardin, at nagsusunog ng mga insenso sa mga altar ng pagano.

4Pagsapit ng gabi'y nagpupunta sila sa mga puntod at nitso upang sangguniin ang kaluluwa ng patay na tao. Kumakain sila ng karneng-baboy, at maruming sabaw ng karneng handog ng pagano.

5Ang sabi pa ng isa sa kanila, ‘Lumayo kayo! Huwag kayong lalapit sapagkat mas malinis ako sa inyo.’ Ang mga taong ito'y parang usok sa aking ilong, tulad ng apoy na nagniningas sa buong maghapon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Tingnan ninyo! Lahat ay naisulat na sa aking harapan. Hindi ako maaaring tumahimik. Ngunit paparusahan ko ang kanilang mga kasalanan; pagbabayarin ko sila,

7sa kanilang kasalanan at sa kasalanan ng kanilang mga ninuno. Nagsusunog sila ng insenso sa kabundukan at ako'y sinusuway nila sa kaburulan. Karapat-dapat na parusa ang igagawad ko sa kanilang mga gawa.

8Sinabi ni Yahweh sa kanyang bayan: “Ang isang kumpol na ubas ay maaaring gawing alak, kaya ang sabi ng mga tao, ‘Huwag ninyo itong sirain, sapagkat mayroon itong pagpapala!’ Ganyan din ang gagawin ko alang-alang sa aking mga lingkod, hindi ko sila ganap na wawasakin.

9Pagpapalain ko ang mga salinlahi ni Jacob, at kay Juda ibibigay ko ang aking mga bundok. Mananahan doon ang aking mga bayan na naglingkod sa akin.

10Ako ay sasambahin ng aking mga lingkod, at kanilang pangungunahan ang kanilang mga tupa at baka sa pastulan sa kapatagan ng Sharon sa kanluran at sa Libis ng Kaguluhan sa gawing silangan.

11Ngunit kayo na nagtakwil kay Yahweh at lumilimot sa aking banal na bundok, kayo na sumamba kay Gad at Meni, mga diyos ng suwerte at kapalaran;

12itatakda ko kayong sa espada mamatay, ang mga leeg ninyo'y tatagpasin ng palakol. Sapagkat tinawag ko kayo ngunit hindi kayo sumagot, kinausap ko kayo ngunit hindi kayo nakinig. Ang ginawa ninyo'y pawang kasamaan sa aking paningin, pinili ninyo ang hindi nakalulugod sa akin.”

13Kaya ganito ang sabi ng Panginoong Yahweh: “Ang mga lingkod ko'y magsisikain, samantalang kayo'y aking gugutumin; ang mga lingkod ko ay aking paiinumin, ngunit kayo'y aking uuhawin; ang mga lingkod ko'y pawang kagalakan ang tatamasahin, samantalang kayo'y aking hihiyain.

14Sa laki ng tuwa ay mag-aawitan ang aking mga lingkod, samantalang kayo'y tataghoy sa hirap at sama ng loob.

15Ang pangalan ninyo'y susumpain ng aking mga hinirang, sa kamay ng Panginoong Yahweh kayo'y mamamatay, samantalang bibigyan niya ng bagong pangalan ang kanyang mga lingkod.

16Sinuman sa lupain ang nais na pagpalain, doon siya humingi sa Diyos na matapat. At sinuman ang gustong mangako, sa pangalan ng Diyos na matapat, gawin niya ito. Mapapawi na at malilimutan, ang hirap ng panahong nagdaan.”

**Bagong Langit at Lupa**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Ang sabi ni Yahweh: “Ako ay lilikha ng isang bagong lupa at bagong langit; ang mga bakas ng nakaraan ay ganap ng malilimutan.

18Kaya naman kayo'y dapat na magalak sa aking ginawa, ang Jerusalem na aking nilikha ay mapupuno ng saya, at magiging masaya ang kanyang mamamayan.

19Ako mismo'y magagalak dahil sa Jerusalem at sa kanyang mamamayan. Doo'y wala nang pagtangis o panaghoy man.

20Ang mga sanggol ay hindi na mamamatay, lahat ng titira roon ay mabubuhay nang matagal. Ituturing pa rin na isang kabataan ang taong sandaang taon na, at ang hindi umabot sa gulang na ito ay ituturing na isinumpa.

21Magtatayo sila ng mga tahanang kanilang titirhan, magtatanim sila ng ubas at sila rin ang aani.

22Hindi tulad noong una, sa bahay na ginawa'y iba ang tumira. Sa tanim na halama'y iba ang nakinabang. Tulad ng punongkahoy hahaba ang buhay ng aking mga hirang, lubos nilang papakinabangan ang kanilang pinagpaguran.

23Anumang gawaing paghirapan nila'y tiyak na magbubunga, at hindi magdaranas ng mga sakuna ang mga anak nila; pagpapalain ko ang lahi nila, at maging ang mga susunod pa.

24Ang dalangin nila kahit hindi pa tapos ay aking diringgin, at ibibigay ko ang kanilang hinihiling.

25Dito'y magsasalong parang magkapatid, ang asong-gubat at tupa, ang leon ay kakain ng damo tulad ng baka. At ang ahas naman na ang pagkain ay alabok kahit tapakan mo'y hindi ka mangangamba. Magiging panatag at wala nang masama sa banal na bundok. Sa Bundok ng Zion ay walang makakapinsala o anumang masama.”

## Isaias 66

### Hahatulan ni Yahweh ang mga Bansa

1Ito ang sabi ni Yahweh: “Ang aking trono ay ang kalangitan, at ang daigdig ang aking tuntungan. Anong klaseng bahay ang gagawin mo para sa akin? Anong klaseng lugar ang aking titirhan?

2Sa lahat ng bagay ako ang maylikha, kaya ako ang may-ari ng lahat ng ito. Ako'y nalulugod sa mga taong nagpapakumbaba at nagsisipagsisi, sa mga may takot at sa utos ko'y sumusunod.

3Ginagawa ng tao ang kanyang maibigan, at matutuwa pang gumawa ng kasamaan. Para sa kanya ay walang kaibahan ang handog na toro o kaya ay tao; ang handog na tupa o patay na aso; ang handog na pagkaing butil o

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

dugo ng baboy; ang pagsusunog ng insenso o ang pagdarasal sa diyus-diyosan. Natutuwa sila sa nakakahiyang pagsamba.

4 Dahil dito, ipararanas ko sa kanila ang kapahamakang kinatatakutan nila. Sapagkat nang ako'y tumawag walang tumugon kahit na isa; nang ako'y magsalita, walang gustong makinig. Ginusto pa nila ang sumuway sa akin at gumawa ng masama.”

5 Pakinggan ninyo si Yahweh, kayong natatakot at sumusunod sa kanyang salita: “Kinamumuhian at itinataboy kayo ng inyong sariling kababayan, nang dahil sa akin; at sinasabi pa nila, ‘Ipakita ni Yahweh ang kanyang kadakilaan at iligtas niya kayo para makita namin kayong natutuwa.’ Ngunit mapapahiya sila sa kanilang sarili.

6 Pakinggan ninyo at sa lunsod ay nagkakagulo, at mayroong ingay na buhat sa Templo! Iyon ay likha ng pagpaparusa ni Yahweh sa kanyang mga kaaway!

7 “Ang aking banal na lunsod ay parang babaing biglang nanganak; kahit hindi pa sumasakit ang kanyang tiyan, isang lalaki ang kanyang inianak.

8 May nabalitaan na ba kayo o nakitang ganyan? Isang bansang biglang isinilang? Ang Zion ay hindi maghihirap nang matagal upang ang isang bansa ay kanyang isilang.”

9 Ang sabi ni Yahweh: “Huwag ninyong isipin na ang bayan ko'y hahayaang umabot sa panahong dapat nang iluwal, at pagkatapos ay pipigilin sa pagsilang.”

10 Makigalak kayo sa Jerusalem, magalak kayo dahil sa kanya; kayong lahat na nagmamahal sa lunsod na ito! Kayo'y makigalak at makipagsaya, lahat kayong tumangis para sa kanya.

11 Tatamasahin ninyo ang kasaganaan niya, tulad ng sanggol sa dibdib ng kanyang ina.

12 Sabi ni Yahweh: “Padadalhan kita ng walang katapusang kasaganaan. Ang kayamanan ng ibang bansa ay aagos patungo sa iyo tulad ng umaapaw na ilog. Ang makakatulad mo'y sanggol na buong pagmamahal na inaaruga ng kanyang ina.

13 Aaliwin kita sa Jerusalem, tulad ng pag-aliw ng ina sa kanyang anak.

14 Ikaw ay magagalak kapag nakita mo ang lahat ng ito; ikaw ay lalakas at lulusog. Sa gayon, malalaman mong akong si Yahweh ang tumutulong sa mga sumusunod sa akin; at siya ring nagpaparusa sa mga kaaway.”

15 Darating si Yahweh na may dalang apoy at nakasakay sa mga pakpak ng bagyo upang parusahan ang mga kinamumuhian niya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Apoy at espada ang gagamitin niya sa pagpaparusa sa mga nagkasala; tiyak na marami ang mamamatay.

17Ang sabi ni Yahweh, “Malapit na ang wakas ng mga naglilinis ayon sa tuntunin ng pagsambang pagano, sumasama sa nagpuprusisyon patungo sa mga sagradong hardin, at kumakain ng karne ng baboy, daga at iba pang hayop na marumi.

18“Nalalaman ko ang kanilang iniisip at mga ginagawa. Darating ako upang tipunin ang lahat ng bansa, at ang mga taong iba't iba ang salita. Kapag sila'y nagkasama-sama, makikita nila ang magagawa ng aking kapangyarihan.

19Malalaman din nilang ako ang nagpaparusa sa kanila. Ngunit magtitira ako ng ilan upang ipadala sa iba't ibang bansa. Susuguin ko sila sa Tarsis, sa Libya at sa Lydia, mga dakong sanay sa paggamit ng pana. Magsusugo rin ako sa Tubal at Javan, at sa mga baybaying hindi pa ako nababalita sa aking kabantugan. Ipahahayag nila sa lahat ng bansa kung gaano ako kadakila.

20Bilang handog sa akin sa banal na bundok sa Jerusalem, ibabalik nila ang mga kababayan ninyo buhat sa pinagtapunan sa kanila. Sila'y darating na sakay ng mga kabayo, asno, kamelyo, karwahe at kariton, tulad ng pagdadala ng mga handog na pagkaing butil sa Templo, nakalagay sa malilinis na sisidlan ayon sa kautusan.

21Ang iba sa kanila ay gagawin kong mga pari at ang iba naman ay Levita.

22“Kung paanong tatagal ang bagong langit at bagong lupa sa pamamagitan ng aking kapangyarihan, gayon tatagal ang lahi mo at pangalan.

23Tuwing Araw ng Pamamahinga at Pista ng Bagong Buwan, lahat ng bansa ay sasamba sa akin,” ang sabi ni Yahweh.

24“Sa kanilang pag-alis, makikita nila ang mga bangkay ng mga naghimagsik laban sa akin. Ang uod na kakain sa kanila'y hindi mamamatay, gayon din ang apoy na susunog sa kanila. Ang kalagayan nila'y magiging kahiya-hiya sa buong sangkatauhan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Jeremias

## Jeremias 1

### Ang Pagtawag at Pagsusugo kay Jeremias

1Ang aklat na ito ay naglalaman ng mga sinabi at ginawa ni Jeremias na anak ni Hilkias, isang pari na mula sa bayan ng Anatot, sa lupain ni Benjamin.

2Si Yahweh ay nagpahayag sa kanya noong ikalabintatlong taon ng paghahari sa Juda ni Haring Josias, anak ni Haring Ammon.

3Muling nagpahayag si Yahweh sa kanya nang si Jehoiakim na anak ni Josias ang hari ng Juda. Maraming beses pa siyang nagpahayag pagkatapos noon hanggang sa ikalabing isang taon ng paghahari ni Zedekias na anak rin ni Josias. At noong ikalimang buwan din ng taóng iyon, ang mga taga-Jerusalem ay sinakop at dinalang-bihag sa ibang bansa.

### Ang Pagkatawag kay Jeremias

4Sinabi sa akin ni Yahweh,

5“Bago ka pa ipinaglihi at ipanganak ay pinili na kita upang maging propeta para sa lahat ng bansa.”

6Ang sagot ko naman, “Panginoong Yahweh, hindi po ako magaling na tagapagsalita; bata pa po ako.”

7Subalit ang sabi niya sa akin, “Huwag mong sabihing bata ka pa. Pumunta ka sa mga taong sasabihin ko sa iyo. Ipahayag mo sa lahat ang aking sasabihin sa iyo.

8Huwag kang matakot sa kanila sapagkat ako'y kasama mo at iingatan kita. Akong si Yahweh ang nagsasabi nito.”

9Pagkatapos, iniunat ni Yahweh ang kanyang kamay, hinipo ang aking mga labi, at sinabi, “Ngayon ay ibinigay ko na sa iyo ang mga mensaheng dapat mong sabihin.

10Ibinibigay ko rin ngayon sa iyo ang kapangyarihang mangaral sa mga bansa at kaharian, upang sila'y bunutin at ibagsak, wasakin at itapon, itayo at itanim.”

### Dalawang Pangitain

11Tinanong ako ni Yahweh, “Jeremias, ano ang nakikita mo?” “Sanga po ng almendra,” sagot ko.

12“Tama ka,” ang sabi ni Yahweh, “sapagkat ako'y magbabantay upang matiyak na matutupad nga ang aking mga sinasabi.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[13]Muli akong tinanong ni Yahweh, "Ano pa ang nakikita mo?" Sumagot ako, "Isa pong kalderong kumukulo ang laman at halos tumagilid na mula sa gawing hilaga."

[14]At sinabi niya sa akin, "Mararanasan ng lahat ng naninirahan sa lupaing ito ang isang pagkawasak na magmumula sa hilaga.

[15]Tatawagin ko ang lahat ng bansa sa hilaga. Darating silang lahat at ang kanilang mga hari'y maglalagay ng kani-kanilang trono sa harap ng pintuan ng Jerusalem, sa paligid ng mga pader nito, at sa ibang mga lunsod ng Juda.

[16]Paparusahan ko ang aking bayan dahil sa kanilang kasalanan; tumalikod sila sa akin. Naghandog sila at sumamba sa mga diyus-diyosang ginawa ng kanilang mga kamay.

[17]Humanda ka at magpakatatag; sabihin mo sa kanila ang lahat ng iuutos ko. Huwag kang matatakot sa kanila kundi'y hahayaan nga kitang matakot kung ikaw ay nasa kalagitnaan nila.

[18-19]Subalit pakinggan mo itong mabuti, Jeremias! Ang bawat isa sa buong Juda—kasama na ang mga hari, mga pinuno, mga pari, at ang buong bayan—ay kakalabanin ka. Ngunit hindi sila magtatagumpay. Magiging sintatag ka ng isang lunsod na ligtas sa anumang panganib, sintibay ng haliging bakal o pader na tanso. Hindi ka nila matatalo sapagkat iingatan kita. Akong si Yahweh ang nagsasabi nito."

## Jeremias 2

### Ang Pag-iingat ng Diyos sa Israel

[1]Sinabi sa akin ni Yahweh

[2]na pumunta ako sa Jerusalem at ipahayag ito sa lahat ng naroroon: "Natatandaan ko ang iyong katapatan noong bata ka pa, ang iyong pagmamahal nang tayo'y ikasal; sinundan mo ako sa gitna ng disyerto, sa gitna ng lupaing walang tanim na anuman.

[3]Ikaw, Israel, ay para kay Yahweh, ang pinakamainam na bahagi ng kanyang ani; pahihirapan ang sinumang mananakit sa iyo; darating sa kanila ang mga kaguluhan. Akong si Yahweh ang nagsasabi nito."

### Ang Kasalanan ng mga Magulang ni Israel

[4]Pakinggan ninyo ang pahayag ni Yahweh, mga anak ni Jacob, sambahayan ni Israel.

[5]Sinasabi ni Yahweh: "Ano ba ang nagawa kong kamalian at ako'y tinalikdan ng inyong mga magulang? Sumamba sila sa mga walang kabuluhang diyus-diyosan kaya sila'y naging walang kabuluhan din.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Hindi nila ako naalala kahit ako ang nagpalaya sa kanila mula sa Egipto; pinatnubayan ko sila sa malawak na disyerto, sa mga lupaing baku-bako't maburol, sa isang tuyo at mapanganib na lugar, na walang naninirahan at nagnanais dumaan.

7Dinala ko sila sa isang mayamang lupain, upang tamasahin nila ang kasaganaan niyon. Ngunit dinungisan nila ang ibinigay kong lupain dahil sa karumal-dumal nilang mga gawain.

8Hindi man lamang nagtatanong ang mga pari, 'Nasaan si Yahweh?' Hindi ako nakikilala ng mga dalubhasa sa Kautusan, hindi sumusunod sa akin ang mga pinuno; nangangaral ang mga propeta sa pangalan ni Baal, sumasamba at naglilingkod sa mga diyus-diyosan.

**Sinumbatan ni Yahweh ang Kanyang Bayan**

9"Kaya't muli kong susumbatan ang aking bayan at uusigin ko hanggang kaapu-apuhan.

10Tumawid kang pakanluran hanggang Cyprus, at magpadala ka patungong pasilangan hanggang Kedar. Makikita mo kung may nangyaring tulad nito kailanman.

11Mayroon bang bansa na nagpalit ng kanyang mga diyos, kahit na ang mga ito ay hindi naman talagang diyos? Ngunit ipinagpalit ako ng bayang aking pinarangalan, at sila'y sumamba sa mga diyus-diyosang wala namang kabutihang magagawa para sa kanila.

12Kaya manginig kayo sa takot, O kalangitan, manggilalas kayo at manghilakbot; akong si Yahweh ang nagsasalita.

13Dalawa ang kasalanan ng aking bayan: Tinalikuran nila ako, ako na bukal na nagbibigay-buhay, at humukay sila ng mga balon, ngunit mga balong butas na walang naiipong tubig.

**Ang Ibinunga ng Pagtataksil ng Israel**

14"Hindi alipin ang Israel nang siya'y isilang. Ngunit bakit siya pinaghahanap ng kanyang mga kaaway?

15Sila'y parang mga leong umaatungal habang winawasak ang lupain; giniba ang kanyang mga lunsod kaya't wala nang naninirahan doon.

16Binasag ng mga taga-Memfis at taga-Tafnes ang kanyang bungo.

17Ikaw na rin, Israel, ang dapat sisihin sa nangyari sa iyo! Tinalikdan mo ako na iyong Diyos, akong si Yahweh na umakay sa iyong mga paglalakbay.

18Ano ang mapapala mo sa pagpunta sa Egipto? Ang makainom ng tubig sa Ilog Nilo? Ano ang inaasahan mong makukuha sa Asiria? Ang makainom ng tubig sa Ilog Eufrates?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Paparusahan ka ng sarili mong kasamaan. Ipapahamak ka ng iyong pagtalikod sa akin. Mararanasan mo kung gaano kapait at kahirap ang mawalan ng takot at tumalikod kay Yahweh na iyong Diyos. Ako, ang Panginoong Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat, ang nagsasabi nito.

**Ayaw Sambahin ng Israel si Yahweh**

20“Matagal mo nang itinakwil ang kapangyarihan ko, Israel, at ako'y ayaw mong sundin sapagkat ang sabi mo, ‘Hindi ako maglilingkod.’ Ngunit sa ibabaw ng bawat mataas na burol, at sa lilim ng bawat mayabong na punongkahoy, ikaw ay sumamba sa mga diyus-diyosan, gaya ng babaing nagbebenta ng sarili.

21Maganda ka noon nang aking itanim, mula sa pinakamalusog na binhi ng ubas. Tingnan mo ngayon ang naging buhay mo! Para kang ubas na ligaw, nabubulok ang bunga at walang pakinabang!

22Kahit maghugas ka pa, at gumamit ng pinakamatapang na sabon, mananatili pa rin ang mantsa ng iyong kasalanan; hindi mo iyan maitatago sa akin, ang Panginoong Yahweh ang nagsasalita.

23Masasabi mo bang hindi nadumihan ang iyong sarili, at hindi ka sumamba sa diyus-diyosang si Baal? Napakalaki ng kasalanang nagawa mo doon sa libis. Para kang batang kamelyo na hindi mapigilan, takbo nang takbo at nagwawala.

24Tulad mo'y babaing asno na masidhi ang pagnanasa; walang makapigil kapag ito'y nag-iinit. Hindi na dapat mag-alala ang lalaking asno; ika'y nakahanda sa lahat ng oras.

25Israel, huwag mong bayaan na ika'y magyapak o matuyo ang lalamunan at mamalat. Ngunit ang tugon mo, ‘Ano pa ang kabuluhan? Mahal ko ang ibang mga diyos, at sila ang aking sasambahin at paglilingkuran.’

**Nararapat Parusahan ang Israel**

26“Tulad ng magnanakaw na napapahiya kapag nahuli, kayong lahat na sambahayan ni Israel ay mapapahiyang gaya niya; ang inyong mga hari at mga pinuno, mga pari at mga propeta.

27Mapapahiya kayong lahat na nagsasabi sa punongkahoy, ‘Ikaw ang aking ama,’ at sa bato, ‘Ikaw ang aking ina.’ Mangyayari ito sapagkat itinakwil ninyo ako, sa halip na kayo'y maglingkod sa akin. Ngunit kung kayo naman ay naghihirap, hinihiling ninyong iligtas ko kayo.

28“Nasaan ang mga diyus-diyosang inyong ginawa? Tingnan natin kung kayo'y maililigtas nila sa oras ng inyong pangangailangan. Juda, sindami ng iyong lunsod ang iyong mga diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29Akong si Yahweh ay nagtatanong, ano ang isusumbat ninyo sa akin? Lahat kayo'y mga suwail. Wala na kayong ginawa kundi kalabanin ako!

30Pinarusahan ko kayo, ngunit di rin kayo nagbago. Para kayong mababangis na leon, pinagpapatay ninyo ang inyong mga propeta.

31Pakinggan ninyong mabuti ang sinasabi ko. Wala ba kayong napakinabangan sa akin? Ako ba'y naging parang tigang na lupa sa inyo? Bakit sinasabi ninyong malaya na kayong gawin ang inyong maibigan, at hindi na kayo babalik sa akin?

32Malilimutan ba ng dalaga ang kanyang mga alahas, o ng babaing ikakasal ang kanyang damit pangkasal? Subalit ako'y kinalimutan ng sarili kong bayan nang napakahabang panahon.

33Alam mo kung paano aakitin ang mga lalaki. Talo mo pa ang masasamang babae sa iyong paraan.

34Ang kasuotan mo'y tigmak sa dugo ng dukha at walang malay, sa dugo ng mga taong kailanman ay hindi pumasok sa iyong tahanan. “Subalit sa kabila ng lahat ng ito'y sinasabi mo,

35‘Wala akong kasalanan; hindi na galit sa akin si Yahweh.’ Ngunit akong si Yahweh ang magpaparusa sa iyo sapagkat sinasabi mong hindi ka nagkasala.

36Bakit kay dali mong magpalit ng kaibigan? Bibiguin ka ng Egipto, tulad ng ginawa sa iyo ng Asiria.

37Mabibigo ka rin sa Egipto, iiwan mo siyang taglay ang kahihiyan. Sapagkat itinakwil ni Yahweh ang iyong pinagkatiwalaan, at hindi ka nila mabibigyan ng tagumpay.”

## Jeremias 3

### Ang Taksil na Israel

1Sinabi ni Yahweh, “Kapag ang isang babae ay pinalayas at hiniwalayan ng kanyang asawa, at siya'y mag-asawa ng ibang lalaki, hindi na siya dapat tatanggapin ng unang asawa. Ang ganito'y magpaparumi sa lupain. Subalit ikaw, Israel, kay rami mong kinasama, at ngayo'y ibig mong magbalik sa akin!

2Tumingin ka sa tuktok ng mga burol; may lugar ba roong hindi mo dinungisan ng iyong kahalayan? Para kang babaing nagbebenta ng sarili na naghihintay ng manliligaw sa mga tabing-daan. Tulad mo'y Arabong nag-aabang ng biktima sa ilang. Dahil sa mahalay mong pamumuhay, ang lupain ay nadungisan.

3Para kang babaing bayaran, wala ka nang kahihiyan! Dahil dito'y pinigil ko ang ulan at hindi pumatak kahit sa panahon ng tagsibol.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4“At ngayo'y sinasabi mong ako ang iyong ama na umiibig sa iyo mula pa sa pagkabata,

5at hindi magtatagal ang galit sa iyo. Ito'y pansamantala lamang. Iyan ang sinasabi mo, Israel, ngunit ang iyong ginagawa ay pawang kasamaan.”

**Isang Panawagan Upang Magsisi**

6Noong panahon ni Haring Josias, sinabi sa akin ni Yahweh: “Nakita mo ba ang ginawa ng taksil na Israel? Umaakyat siya sa bawat burol at nakikipagtalik sa lilim ng mayayabong na punongkahoy.

7Akala ko'y babalik siya sa akin matapos gawin iyon. Ngunit hindi, at sa halip ay nakita pa ito ng kapatid niyang taksil na si Juda.

8Nakita rin ng Juda nang pinalayas at hiwalayan ko ang Israel dahil sa pagtataksil sa akin at pagiging masamang babae. Ngunit hindi man lamang natakot ang taksil ding Juda. Naging masama rin siyang babae.

9Ito'y hindi niya ikinahiya, bagkus ay dinumihan ang lupain nang mangalunya siya sa pamamagitan ng pagsamba sa mga bato at punongkahoy.

10At pagkatapos ng lahat ng ito, nagkunwari ang taksil na Juda na bumabalik sa akin ngunit ito'y hindi taos sa kanyang puso. Akong si Yahweh ang nagsasabi nito.”

11Pagkatapos, sinabi sa akin ni Yahweh na kahit tumalikod sa kanya ang Israel, ito'y hindi kasinsama ng taksil na Juda.

12Inutusan niya akong magpunta sa hilaga at sabihin sa Israel, “Manumbalik ka, taksil na Israel. Hindi na kita kagagalitan sapagkat ako'y mahabagin. Hindi habang panahon ang galit ko sa iyo.

13Aminin mo lamang na nagkasala ka at naghimagsik laban kay Yahweh na iyong Diyos. Sabihin mo na sa ilalim ng bawat punongkahoy ay nakiapid ka sa kahit sinong diyos at hindi ka sumunod sa aking mga utos,” ang sabi ni Yahweh.

14“Magbalik kayo sa akin, kayong mga taksil na anak, sapagkat ako ang inyong Panginoon,” sabi pa ni Yahweh. “Kukuha ako sa inyo ng isa sa bawat bayan at dalawa sa bawat angkan at ibabalik ko kayo sa Bundok ng Zion.

15Bibigyan ko kayo ng mga pinunong sumusunod sa akin, at pamamahalaan nila kayo nang buong katalinuhan at pagkaunawa.

16At kung dumami na kayo sa lupaing iyon, hindi na pag-uusapan ng mga tao ang tungkol sa Kaban ng Tipan ni Yahweh. Hindi na nila ito iisipin o aalalahanin. Hindi na rin nila ito kakailanganin o gagawa ng isa pa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Sa araw na iyon, ang Jerusalem ay tatawaging ‘Luklukan ni Yahweh’. Lahat ng bansa'y magkakatipon doon upang sambahin ako. Hindi na nila gagawin ang kasamaang kanilang gustong gawin.

18Magkakaisa ang Israel at ang Juda. Magkasama silang babalik mula sa hilaga at maninirahan sa lupaing ibinigay ko sa inyong mga magulang, upang maging kanila magpakailanman.”

**Sumamba sa Diyus-diyosan ang Israel**

19Sinabi ni Yahweh, “Itinuring kitang anak, Israel, at binigyan ng lupaing pinakamainam sa lahat, sapagkat inakala kong kikilalanin mo akong ama, at hindi ka na tatalikod sa akin.

20Ngunit gaya ng taksil na asawa, iniwan mo ako. Hindi ka naging tapat sa akin.”

21May narinig na ingay sa mga kaburulan. Nananangis ang mga taga-Israel dahil sa mabigat nilang kasalanan; at kinalimutan nila si Yahweh na kanilang Diyos.

22“Manumbalik kayo, mga anak na taksil,” sabi ni Yahweh, “pinapatawad ko na kayo sa inyong mga kasalanan.” Sabihin ninyo: “Oo, lalapit na kami sapagkat si Yahweh ang aming Diyos!

23Walang naitulong sa amin ang mga diyus-diyosang sinasamba namin sa kaburulan. Si Yahweh lamang na aming Diyos, ang tunay na kaligtasan ng Israel.

24Dahil sa aming pagsamba kay Baal, nawala sa amin ang lahat ng bagay na pinaghirapan ng aming mga magulang, mula pa noong una—ang aming mga anak, mga hayop at mga kawan.

25Dapat kaming manliit sa kahihiyan, sapagkat kami'y nagkasala kay Yahweh, kami at ang aming mga magulang. Mula sa pagkabata hanggang ngayon, hindi namin sinunod ang tinig ni Yahweh na aming Diyos.”

## Jeremias 4

**Isang Panawagan Upang Magsisi**

1Ganito ang sabi ni Yahweh: “Mga taga-Israel, kung kayo'y manunumbalik at lalapit kayo sa akin; kung inyong tatalikuran ang mga diyus-diyosan at mananatili kayong tapat sa akin,

2magiging totoo at makatuwiran ang inyong panunumpa sa aking pangalan. Dahil dito'y hihilingin ng lahat ng bansa na sila'y aking pagpalain at pupurihin naman nila ako.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Ganito naman ang sabi ni Yahweh sa mga taga-Juda at sa mga naninirahan sa Jerusalem: “Bungkalin ninyong muli ang napabayaang lupa; huwag ninyong ihasik ang binhi sa gitna ng dawagan.

4Tuparin ninyo ang inyong pangako sa akin, at italaga ang inyong buhay sa paglilingkod. Kung hindi, sisiklab ang aking poot dahil sa inyong mga nagawang kasamaan.”

### Binantaang Sakupin ang Juda

5Hipan ang trumpeta sa buong lupain! Isigaw nang malinaw at malakas: “Mga taga-Juda at taga-Jerusalem, magsipasok kayo sa inyong mga kublihang lunsod.

6Ituro ang daang patungo sa Zion! Magtago na kayo at huwag magpaliban! Mula sa hilaga'y magpapadala si Yahweh ng lagim at pagkawasak.

7Parang leong lumitaw ang magwawasak ng mga bansa. Lumakad na siya upang wasakin ang Juda. Ang mga lunsod nito'y duduruging lahat at wala nang maninirahan doon.

8Magsuot kayo ng damit na panluksa, lumuha kayo at manangis, sapagkat ang poot ni Yahweh sa Juda'y hindi makakalimutan.”

9Ang sabi ni Yahweh, “Sa araw na iyon, masisiraan ng loob at matatakot ang mga hari at mga pinuno, ang mga pari ay masisindak, at magugulat ang mga propeta.”

10Pagkatapos ay sinabi ko, “Panginoong Yahweh! Nilinlang ninyo ang mga taga-Jerusalem! Sinabi ninyong iiral ang kapayapaan ngunit ngayon, isang tabak ang nakaamba sa kanila.”

11Sa panahong iyon ay sasabihin sa mga taga-Jerusalem: “Umiihip mula sa disyerto ang nakakapasong hangin patungo sa kaawa-awa kong bayan. Hindi upang linisin silang tulad ng trigo kung pinahahanginan.

12Mas malakas ang hanging aking padala upang hampasin ang bayan ko. Ako, si Yahweh, ang nagpaparusa ngayon sa kanila.”

### Napaligiran ng mga Kaaway ang Juda

13Masdan ninyo! Dumarating na parang mga ulap ang kaaway. Parang ipu-ipo ang kanilang mga karwaheng pandigma; mabilis pa sa agila ang kanilang mga kabayo. Matatalo tayo! Ito na ang ating wakas!

14Talikdan mo na Jerusalem, ang iyong mga kasalanan, upang maligtas ka. Hanggang kailan ka mag-iisip ng masama?

15Dumating ang mga tagapagbalita mula sa Dan at sa kabundukan ng Efraim, dala ang malagim na balita.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Upang bigyang babala ang mga bansa at sabihin sa mga taga-Jerusalem: "Dumarating na ang mga kaaway mula sa malayong lupain, at sumisigaw ng pakikidigma laban sa mga lunsod ng Juda!"

17Paliligiran nila ang Jerusalem, parang bukid na ligid ng mga bantay; sapagkat ang mga tagaroon ay naghimagsik laban kay Yahweh.

18Ikaw na rin, Juda, ang dapat sisihin sa parusang darating sa iyo dahil sa iyong mga kasalanan. Tatagos sa iyong buong katawan ang paghihirap ng iyong puso.

**Nagdalamhati si Jeremias Dahil sa Kanyang mga Kababayan**

19Ang hapdi ay hindi ko halos matagalan! Kumakabog ang aking dibdib! Hindi ako mapalagay; naririnig ko ang tunog ng mga trumpeta at ang sigaw ng digmaan.

20Sunud-sunod ang mga kapahamakang dumarating sa bayan. Bigla na lamang bumabagsak ang aming mga tolda at napupunit ang mga tabing.

21Hanggang kailan magtatagal ang paglalaban at maririnig ang tunog ng mga trumpeta?

22At sinabi ni Yahweh, "Napakahangal ng aking bayan; hindi nila ako nakikilala. Tulad nila'y mga batang wala pang pang-unawa. Sanay sila sa paggawa ng masama ngunit bigo sa paggawa ng mabuti."

**Ang Pangitain ni Jeremias tungkol sa Darating na Pagkawasak**

23Pagkatapos ay tiningnan ko ang daigdig; wala itong hugis o anumang kaanyuan, at sa langit ay walang anumang tanglaw.

24Tumingin ako sa mga bundok at mga burol; ang mga ito'y nayayanig dahil sa lindol.

25Wala akong makitang tao, wala kahit isa; pati mga ibon ay nagliparan na.

26Ang masaganang lupain ay naging disyerto; wasak ang mga lunsod nito dahil sa matinding poot ng Diyos.

27Sinabi ni Yahweh, "Masasalanta ang buong lupain ngunit hindi ko lubusang wawasakin."

28Magluluksa ang sanlibutan, magdidilim ang kalangitan. Sinabi ni Yahweh ang ganito at ang isip niya'y di magbabago. Nakapagpasya na siya at hindi na magbabago pa.

29Sa yabag ng mangangabayo at mamamana, magtatakbuhan ang lahat; ang ilan ay magtatago sa gubat; ang iba nama'y sa kabatuhan aakyat. Lilisanin ng lahat ang kabayanan, at walang matitira isa man.

30Jerusalem, ikaw ay hinatulan na! Bakit nakadamit ka pa ng matingkad na pula? Ano't nagsusuot ka pa ng mga alahas, at ang mga mata mo'y may

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

pintang pampaganda? Pagpapaganda mo'y wala nang saysay! Itinakwil ka na ng iyong mga kasintahan; at balak ka pa nilang patayin.

31Narinig ko ang daing, gaya ng babaing malapit nang manganak. Ito ang taghoy ng naghihingalong Jerusalem na nakadipa ang mga kamay: “Ito na ang wakas ko, hayan na sila upang patayin ako!”

## Jeremias 5

### Ang Kasalanan ng Jerusalem

1Mga taga-Jerusalem, magmasid-masid kayo. Ang mga lansangan ay inyong libutin at ang buong paligid ay halughugin. Maghanap kayo sa mga pamilihan. May makikita ba kayong isang taong matuwid at tapat kay Yahweh? Kung mayroon kayong matatagpuan, patawad ni Yahweh sa Jerusalem igagawad.

2Nanunumpa nga kayo sa pangalan ni Yahweh, ngunit hindi taos sa inyong puso ang inyong sinasabi.

3Ang hanap ni Yahweh ay katotohanan. Pinarusahan niya kayo, ngunit hindi ninyo pinansin ang sakit; pinahirapan niya kayo ngunit hindi pa rin kayo nagbago. Ayaw ninyong talikuran ang inyong mga kasalanan; dahil sa katigasan ng inyong ulo.

4At aking naisip, “Ang mga taong ito'y mga mahihirap at walang alam; hindi nila alam ang hinihiling ni Yahweh, ang utos ng kanilang Diyos.

5Pupuntahan ko ang mga maykapangyarihan, at sila ay aking papakiusapan. Natitiyak kong alam nila ang kalooban ni Yahweh; batid nila ang ipinag-uutos ng Diyos. Ngunit pati silang lahat ay naging suwail at tumangging sumunod sa kanyang mga utos.”

6Dahil dito, sila'y papatayin ng mga leon mula sa gubat. Sisilain sila ng mga asong-gubat mula sa ilang. Maglilibot sa kanilang mga lunsod ang mga leopardo upang lurayin ang sinumang makita. Sapagkat napakarami na ng kanilang pagkakasala at maraming ulit na nilang tinalikuran ang Diyos.

7Ang tanong nga ni Yahweh: “Bakit ko kayo patatawarin? Nagtaksil sa akin ang iyong mga anak at sumamba sa mga diyus-diyosan. Pinakain ko kayo hanggang sa mabusog, ngunit nangalunya pa rin kayo, at ginugol ang panahon sa babaing bayaran.

8Tulad nila'y mga lalaking kabayo, nagpupumiglas dahil sa matinding pagnanasa sa asawa ng iba.

9Hindi ba marapat na sila ay parusahan ko? At pagbayarin ang bansang tulad nito?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[10]Sasabihan ko ang kanilang mga kaaway na sirain ang kanilang ubasan, subalit huwag naman nilang wawasakin ito nang lubusan. Sasabihin kong putulin ang mga sanga, sapagkat ang mga ito'y hindi naman para sa akin.

[11]Kayong mga mamamayan ng Israel at ng Juda, pareho kayong nagtaksil sa akin. Akong si Yahweh ang nagsasalita."

**Itinakwil ni Yahweh ang Israel**

[12]Si Yahweh ay itinakwil ng kanyang bayan. "Wala naman siyang gagawing anuman!" ang sabi nila. "Hindi tayo daranas ng kahirapan; walang darating na digmaan o taggutom man.

[13-14]Ang mga propeta'y walang kabuluhan; hindi talagang galing kay Yahweh ang ipinapahayag nila." Ganito naman ang sabi sa akin ni Yahweh, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat: "Dahil nilapastangan ako ng mga taong iyan, ang aking salitang lalabas sa iyong bibig ay magiging parang apoy. Sila'y parang tuyong kahoy na tutupukin nito."

[15]Mga taga-Israel, magpapadala si Yahweh ng isang bansang buhat sa malayo upang salakayin kayo. Ito'y isang malakas at matandang bansa na ang wika'y hindi ninyo alam o nauunawaan man. Ito'y ipinahayag na ni Yahweh.

[16]Mababangis ang mga kawal ng kaaway; kamatayan ang dulot ng kanilang mga pana.

[17]Uubusin nila ang inyong mga ani at mga pagkain. Papatayin nila ang inyong mga anak. Kakatayin nila ang inyong mga kawan at baka, at wawasakin ang inyong mga tanim na igos at ubasan. Dudurugin ng kanilang hukbo ang matitibay na lunsod na pinagkakanlungan ninyo.

[18]"Gayunman, akong si Yahweh ang nagsasabing hindi ko lubusang pupuksain ang aking bayan sa panahong iyon.

[19]Kung sila'y magtanong sa iyo, Jeremias, kung bakit ko ginawa ang lahat ng ito, sabihin mo: 'Kung papaanong tinalikuran ninyo si Yahweh at kayo'y naglingkod sa ibang mga diyos samantalang nasa sariling lupain, gayon kayo maglilingkod sa mga dayuhan sa isang lupaing hindi inyo.'"

**Nagbabala ang Diyos sa Kanyang Bayan**

[20]Sabihin mo sa mga anak ni Jacob; gayundin sa mga taga-Juda:

[21]"Makinig kayo, mga hangal; may mga mata kayo ngunit hindi naman makakita, may mga tainga ngunit hindi naman makarinig.

[22]Ako si Yahweh; hindi ba kayo natatakot sa akin o nanginginig sa presensya ko? Ako ang naglagay ng buhangin upang maging hangganan ng karagatan, isang palagiang hangganan na hindi kayang bagtasin. Kahit magngalit ang dagat at tumaas ang mga alon, hindi sila makakalampas dito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Ngunit kayo'y mapaghimagsik at matitigas ang ulo; tinalikuran ninyo ako at nilayuan.

24Hindi man lamang ninyo inisip na parangalan si Yahweh na inyong Diyos, gayong siya ang nagbibigay ng ulan sa takdang panahon, at nagpapasapit sa panahon ng pag-aani taun-taon.

25At sa halip, nagiging hadlang ang inyong mga kasalanan upang makamit ang mabubuting bagay na ito.

26“Tumira sa aking bayan ang manggagawa ng kasamaan; mga nanghuhuli ng ibon ang katulad nila. Ang pagkakaiba lamang, mga tao ang binibitag nila.

27Kung paanong pinupuno ng isang nanghuhuli ng ibon ang kanyang hawla, gayon nila pinupuno ng mga ninakaw ang kanilang mga bahay. Kaya naging mayaman sila at naging makapangyarihan.

28Lagi silang busog at matataba. Sukdulan na ang kanilang kasamaan. Inaapi nila ang mga ulila at hindi makatarungan ang paglilitis na kanilang ginagawa. Hindi nila ipinagtatanggol ang karapatan ng mga kaawa-awa.

29“Dahil dito'y paparusahan ko sila; maghihiganti ako sa kanilang bansa. Akong si Yahweh ang nagsasabi nito.

30Nakakapangilabot at nakakatakot ang nangyari sa buong lupain.

31Pawang kasinungalingan ang pahayag ng mga propeta; ang kanilang utos ang sinusunod ng mga pari, at hindi naman tumututol ang aking bayan. Subalit ano ang gagawin ninyo kapag nagwakas na ang lahat?”

## Jeremias 6

### Pinaligiran ng mga Kaaway ang Jerusalem

1Mga anak ni Benjamin, tumakas na kayo! Lisanin na ninyo ang Jerusalem! Hipan ang trumpeta sa buong Tekoa, at ibigay ang hudyat sa Beth-hakerem. Sapagkat dumarating na mula sa hilaga ang isang malaking sakuna at pagkawasak.

2Lunsod ng Zion, katulad ka ng isang magandang pastulan.

3Ngunit pupuntahan ka ng mga hari at magkukuta ang kanilang mga hukbo saanman nila magustuhan at paliligiran ka ng kanilang mga tolda.

4Sasabihin nila, “Humanda kayo at sasalakayin natin ang Jerusalem! Bandang tanghali tayo sasalakay!” Ngunit sasabihin nila pagkatapos, “Huli na tayo! Lumulubog na ang araw at unti-unti nang dumidilim.

5Subalit humanda rin kayo! Ngayong gabi tayo lulusob, at wawasakin natin ang mga kuta ng lunsod.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Inutusan ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ang mga haring ito na pumutol ng mga punongkahoy at magbunton ng lupa upang maging kublihan nila sa kanilang pagkubkob sa Jerusalem. Ang sabi niya, “Paparusahan ko ang lunsod na ito sapagkat naghahari dito ang pang-aapi.

7Patuloy ang paglaganap ng kasamaan sa Jerusalem, tulad ng pagbalong ng tubig sa balon. Karahasan at pagkawasak ang nababalita; karamdaman at mga sugat ang aking nakikita sa paligid.

8Mga taga-Jerusalem, ang mga ito'y magsilbing babala sa inyo, sapagkat kung hindi, iiwan ko kayo. Ang inyong lunsod ay gagawin kong disyerto, isang lugar na walang maninirahan.”

**Mapaghimagsik ang Israel**

9Sinabi sa akin ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, “Uubusin ang Israel katulad ng isang ubasang walang ititirang bunga. Kaya't tipunin mo ang lahat ng maaari mong iligtas, habang may panahon pa.”

10Ang sabi ko naman, “Sino po ang makikinig sa akin, kung sila'y kausapin ko at bigyang babala? Sarado ang kanilang mga pakinig. Ayaw nilang pakinggan ang iyong mga mensahe at pinagtatawanan pa ang sinasabi ko.

11Ang pagkapoot mo, Yahweh, ay nararamdaman ko at hindi ko na kayang matagalan.” At sinabi sa akin ni Yahweh, “Ibuhos mo ang aking poot sa mga batang nasa lansangan, at sa mga kabinataang nagkakatipon. Bibihagin din ang mga mag-asawa, kasama pati matatanda na.

12Ibibigay sa iba ang kanilang mga bahay, gayon din ang kanilang bukirin at mga asawa. Paparusahan ko ang lahat ng naninirahan sa lupaing ito.

13Ang kasakiman ay laganap sa lahat, dakila at hamak; pati mga pari at propeta man ay mandaraya.

14Hindi nila pansin ang kahirapan ng aking bayan; ang sabi nila, ‘Payapa ang lahat,’ gayong wala namang kapayapaan.

15Nahihiya ba sila sa ginawa nilang kalikuan? Hindi na sila tinatablan ng hiya, makapal na ang kanilang mukha. Kaya't sila'y babagsak tulad ng iba. Ito na ang kanilang wakas, kapag sila'y aking pinarusahan. Akong si Yahweh ang nagsabi nito.”

**Tinanggihan ng Israel ang Paraan ng Diyos**

16Sinabi ni Yahweh sa kanyang bayan, “Tumayo kayo sa panulukang-daan at magmasid; hanapin ninyo ang lumang kalsada, at alamin kung saan ang pinakamabuting daan. Doon kayo lumakad, at magtatamo kayo ng kapayapaan.” Subalit ang sabi nila, “Ayaw naming dumaan doon.”

17Kaya't si Yahweh ay humirang ng mga bantay upang marinig ng Israel ang tunog ng kanilang trumpeta. Ngunit sabi nila, “Hindi namin iyon papakinggan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Kaya sinabi ni Yahweh, “Makinig kayo, mga bansa, upang malaman ninyo ang mangyayari sa sarili kong bayan.

19Makinig ang buong sanlibutan! Ang mga taong ito'y mapapahamak bilang parusa at iyon ang nararapat sa kanila, sapagkat hindi nila sinunod ang aking mga utos, at itinakwil ang aking katuruan.

20Walang halaga sa akin ang kamanyang kahit na galing pa iyon sa Seba. Hindi ko rin kailangan ang mga pabangong mula sa malalayong lupain. Ang mga handog nila'y hindi katanggap-tanggap. Hindi ako malulugod sa kanilang mga hain.”

21Sabi pa ni Yahweh: “Maglalagay ako ng katitisuran nila, at silang lahat ay madadapa. Mamamatay ang mga magulang at mga anak, gayon din ang mga kaibigan at kapitbahay.”

**Paglusob ng mga Taga-hilaga**

22Sinasabi ni Yahweh: “Isang malakas na bansa mula sa hilaga ang naghahanda sa pakikidigma.

23Mga pana't sibat ang kanilang sandata; sila'y malulupit at walang awa. Kapag nakasakay sila sa kanilang mga kabayo, nagngangalit na dagat ang kanilang katulad. Handa na silang salakayin ang Jerusalem.”

24Ang sabi naman ng mga taga-Jerusalem: “Narinig na namin ang balita, at nanlulupaypay kaming lahat. Labis kaming naghihirap, katulad ng isang babaing manganganak.

25Ayaw na naming lumabas sa kabukiran o lumakad kaya sa mga daan, sapagkat ang mga kaaway ay may mga sandata. Takot ang nadarama naming lahat.”

26Sinabi ni Yahweh sa kanyang bayan, “Kung gayon, magsuot kayo ng damit na panluksa, at gumulong kayo sa abo. Manangis na kayo nang buong pait, na parang nawalan ng bugtong na anak, sapagkat biglang sasalakay ang magwawasak sa inyo!

27Jeremias, suriin mo ang aking bayan, gaya ng pagsuri sa bakal, upang malaman ang uri ng kanilang pagkatao.

28Silang lahat ay mapaghimagsik, masasama, walang ginagawa kundi ang magkalat ng maling balita. Sintigas ng tanso at bakal ang kanilang kalooban, at pawang kabulukan ang ginagawa nila.

29Matindi na ang init ng pugon at nalusaw na ng apoy ang tingga, ngunit hindi pa rin matunaw ang dumi ng pilak. Hindi na dapat ipagpatuloy ang pagdalisay sa aking bayan sapagkat hindi naman naihiwalay ang masasama.

30Tatawagin silang pilak na patapon sapagkat akong si Yahweh ang nagtakwil sa kanila.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Jeremias 7

### Si Jeremias ay Nangaral sa Templo

1-2 Pinapunta ni Yahweh si Jeremias sa pintuan ng Templo, at ipinasabi ang ganito: “Makinig kayo, mga taga-Juda na nagkakatipon dito upang sumamba kay Yahweh.

3 Pakinggan ninyo ang mensahe ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel! Baguhin ninyo ang inyong pamumuhay at ang inyong ginagawa at kayo'y papayagan kong manatili rito.”

4 Huwag ninyong dayain ang inyong sarili sa paulit-ulit na pagsasabing: ‘Ito ang Templo ni Yahweh, ang Templo ni Yahweh, ang Templo ni Yahweh!’ Hindi kayo maililigtas ng mga salitang iyan.

5 “Magbagong-buhay na kayo at iwan na ang dati ninyong ginagawa. Maging makatarungan kayo sa isa't isa.

6 Huwag ninyong aapihin ang mga dayuhan, mga ulila, at mga balo. Tigilan na ninyo ang pagpatay sa mga walang kasalanan sa lugar na ito. Talikdan na ninyo ang pagsamba sa mga diyus-diyosan, sapagkat ito ang magiging dahilan ng inyong kapahamakan.

7 Kapag sinunod ninyo ito, pahihintulutan ko kayong manatili sa lupaing ito na ibinigay ko sa inyong mga magulang upang maging tirahan ninyo magpakailanman.

8 “Bakit kayo nagtitiwala sa mga salitang walang kabuluhan?

9 Nagnanakaw kayo, pumapatay, nangangalunya, nanunumpa sa hindi katotohanan, naghahandog kay Baal, at sumasamba sa mga diyus-diyosang hindi ninyo nakikilala.

10 Ginawa ninyo ang aking kinamumuhian at pagkatapos, haharap kayo sa akin, sa aking Templo at sasabihin ninyo, ‘Ligtas kami rito!’

11 Bakit? Ang tahanan bang ito'y mukhang lungga ng mga magnanakaw? Nakikita ko ang ginagawa ninyo. Akong si Yahweh ang nagsasabi nito.

12 Pumunta kayo sa Shilo, ang lugar na una kong pinili upang ako'y sambahin ninyo. Tingnan ninyo ang ginawa ko sa lugar na iyon dahil sa mga kasalanan ng aking bayang Israel.

13 At ngayon, ginawa rin ninyo ang mga kasalanang iyon. Paulit-ulit ko kayong pinaalalahanan, ngunit ayaw ninyong makinig. Hindi ninyo pinansin ang aking panawagan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Kaya naman, ang ginawa ko sa Shilo ay gagawin ko rin sa Templong ito na labis ninyong pinagtiwalaan. Wawasakin ko ang lugar na ito na ibinigay ko sa inyo at sa inyong mga magulang, gaya ng ginawa ko sa Shilo.

15Palalayasin ko kayo sa harap ko, tulad ng ginawa ko sa inyong mga kapatid, sa angkan ni Efraim."

**Ang Pagsuway ng mga Tao**

16Sinabi ni Yahweh, "Huwag mong ipapanalangin ang mga taong ito, Jeremias. Huwag kang mananangis para sa kanila o magmamakaawa sapagkat hindi kita papakinggan.

17Tingnan mo ang kanilang ginagawa sa mga lunsod ng Juda at sa mga lansangan ng Jerusalem.

18Nangunguha ng panggatong ang kanilang mga anak, nagpaparikit ng apoy ang kalalakihan, at nagluluto ng tinapay ang kababaihan upang ihandog sa diyus-diyosang tinatawag nilang reyna ng kalangitan. Naghahandog din sila ng mga inumin sa ibang diyos, upang saktan ang aking kalooban.

19Subalit ako bang talaga ang kanilang sinasaktan? Hindi, manapa'y ang kanilang sarili ang sinasaktan nila at inilalagay sa kahihiyan.

20Kaya nga, ibubuhos ko sa lugar na ito ang aking galit at poot. Madadamay sa ipapataw kong parusa ang mga tao, mga hayop, at pati mga punongkahoy at mga halaman. Ang aking poot ay gaya ng apoy na walang sinumang makakapatay.

21"Mabuti pa'y kainin na lamang ninyong lahat ang inyong mga handog na susunugin, kasama ng mga handog na pinagsasaluhan. Ako, si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel, ang nagsasabi nito.

22Nang ilabas ko sa Egipto ang inyong mga magulang, hindi ko iniutos sa kanila ang tungkol sa mga handog na susunugin o iba pang handog.

23Subalit inutusan ko silang sumunod sa akin upang sila'y maging aking bayan at ako naman ang kanilang magiging Diyos. Sinabi kong mamuhay sila ayon sa ipinag-uutos ko, at magiging maayos ang kanilang buhay.

24Ngunit hindi sila sumunod; ayaw nilang makinig sa akin. Sa halip, ginawa nila ang bawat maibigan at lalo pa silang nagpakasama, sa halip na magpakabuti.

25Mula nang umalis sa Egipto ang inyong mga magulang hanggang sa araw na ito, patuloy akong nagpapadala ng aking mga lingkod, ang mga propeta.

26Subalit hindi ninyo sila pinakinggan ni pinahalagahan. Nagmatigas kayo at masahol pa ang ginawa ninyo kaysa ginawa ng inyong mga magulang.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[27]“Kaya, Jeremias, sasabihin mo ang lahat ng ito sa kanila subalit hindi sila makikinig sa iyo. Tatawagin mo sila ngunit hindi ka nila papansinin.

[28]Kaya ganito ang sabihin mo sa kanila: ‘Narito ang bansang ayaw makinig sa tinig ni Yahweh na kanilang Diyos, at ayaw ituwid ang kanilang mga landas. Naglaho na sa kanila ang katotohanan at hindi man lamang nababanggit.’”

**Ang mga Kasamaang Ginagawa sa Libis ng Ben Hinom**

[29]“Manangis kayo, mga taga-Jerusalem. Putulin ninyo ang inyong buhok, at itapon ito sa malayo. Managhoy kayo sa ibabaw ng mga burol, sapagkat itinakwil at pinabayaan ni Yahweh ang mga taong kanyang kinapopootan.

[30]“Napakasama ng ginawa ng mga taga-Juda. Ang mga diyus-diyosang kinasusuklaman ko'y inilagay nila sa aking Templo. Nilapastangan nila ang aking tahanan. Akong si Yahweh ang maysabi nito.

[31]Sa Libis ng Ben Hinom ay gumawa sila ng altar at tinawag nilang Tofet. Doon nila sinusunog ang kanilang mga anak bilang handog. Hindi ko iniutos sa kanilang gawin ito, at ni hindi man lamang ito sumagi sa aking isipan.

[32]Dahil dito, darating ang panahon na hindi na iyon tatawaging Tofet o Libis ng Ben Hinom kundi Libis ng Kamatayan. Magiging isang libingan ang Tofet sapagkat wala nang lugar na mapaglilibingan.

[33]Ang mga bangkay ay kakanin ng mga ibon at maiilap na hayop; walang sinumang makapagtataboy sa kanila.

[34]At sasalantain ko ang buong lupain hanggang ito'y maging isang disyerto. Hindi na maririnig sa mga lunsod ng Juda at sa mga lansangan ng Jerusalem ang mga himig ng kagalakan at katuwaan. Hindi na mapapakinggan ang masasayang tinig ng mga ikakasal.

## Jeremias 8

[1]“Pagdating ng panahong iyon,” sabi pa ni Yahweh, “ang kalansay ng mga hari at mga pinuno sa Juda, mga pari, mga propeta, at iba pang naninirahan sa Jerusalem, ay aalisin sa kanilang libingan.

[2]Ibibilad ang mga ito sa liwanag ng araw, buwan, at mga bituin na kanilang minahal, pinaglingkuran, sinunod, sinangguni, at sinamba. Sa halip na tipunin at ibaon, ang mga kalansay ay parang duming ikakalat sa lupa.

[3]Para sa mga nabubuhay pa sa makasalanang lahing ito na nagkalat sa mga lupaing pinagtapunan ko sa kanila, nanaisin pa nila ang mamatay kaysa patuloy na mabuhay. Akong si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ang nagsasabi nito.”

**Ang Kasalanan at ang Kaparusahan**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4“Jeremias, akong si Yahweh ang nagsasalita sa aking bayan. Kapag nabuwal ang isang tao, hindi ba muli siyang bumabangon? Kapag naligaw siya ng daan, hindi ba muli siyang magbabalik?

5Bayan kong hinirang, bakit kayo lumalayo sa akin ngunit hindi naman nagbabalik? Bakit hindi ninyo maiwan ang inyong mga diyus-diyosan, at ayaw ninyong magbalik sa akin?

6Naghintay ako at nakinig ngunit walang nagsalita ng katotohanan. Ni walang nagsisi sa kanyang kasalanan. Wala man lamang nagtanong, ‘Anong kasalanan ang nagawa ko?’ Bawat isa ay ginawa ang sariling maibigan, gaya ng kabayong patungo sa digmaan.

7Nalalaman ng ibong palipat-lipat ng tirahan, ng batu-bato, ng langay-langayan at ng tagak, kung kailan sila dapat lumipat at kung kailan dapat magbalik. Ngunit kayo, na aking bayan, hindi ninyo nalalaman ang aking kautusan na dapat ninyong sundin.

8Paano ninyo nasabing, ‘Kami'y matatalino; nasa amin ang kautusan ni Yahweh’? Ang kautusan ay binago ng mga mandarayang eskriba.

9Mapapahiya ang kanilang mga matatalino; sila'y malilito at mabibigo. Sapagkat tinanggihan nila ang salita ni Yahweh, anong karunungan ang taglay nila ngayon?

10Kaya ibibigay ko sa iba ang kanilang mga asawa; ang kanilang bukid ay tatamnan ng ibang tao. Ang lahat, dakila man o abâ, ay gumagamit ng pandaraya upang yumaman. Pati mga propeta at mga pari ay nandaraya.

11Hindi nila pansin ang kahirapan ng aking bayan. Ang sabi nila, ‘Payapa ang lahat,’ gayong wala namang kapayapaan.

12Ikinahiya ba nila ang kanilang masasamang gawa? Hindi! Hindi na sila marunong mahiya! Makapal na ang kanilang mukha. Kaya nga, babagsak sila tulad ng iba. Ito na ang kanilang magiging wakas kapag sila'y aking pinarusahan. Ito ang sabi ni Yahweh.

13“Lilipulin ko na ang aking bayan sapagkat ang katulad nila'y punong ubas na walang bunga, o puno ng igos na walang pakinabang; nalanta na pati mga dahon. Kaya't tatanggapin nila ang bunga ng kanilang ginawa.”

14“Bakit tayo nakaupo at walang ginagawa?” tanong nila. “Halina kayo, tayo'y magtago sa mga lunsod na matibay, at doon na tayo mamatay. Hinatulan na tayo ni Yahweh na ating Diyos upang mamatay. Binigyan niya tayo ng tubig na may lason upang inumin sapagkat nagkasala tayo sa kanya.

15Naghintay tayo ng kapayapaan ngunit walang nangyari; umasa ng kaligtasan ngunit kakila-kilabot na hirap ang dumating sa atin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[16]Naririnig hanggang sa lunsod ng Dan ang ingay ng mga kabayo ng kaaway. Nanginginig na sa takot ang buong bansa sa yabag pa lamang ng mga kabayong pandigma. Dumating na ang wawasak sa ating lupain at sa lahat ng naroon; sa ating lunsod at sa lahat ng naninirahan doon."

[17]"Humanda kayo!" sabi ni Yahweh. "Magpapadala ako ng mga ahas na makamandag, mga ulupong na hindi mapaaamo, upang kayo'y tuklawin."

**Ang Kalungkutan ni Jeremias Dahil sa Kanyang Bayan**

[18]Hindi mapapawi ang nadarama kong kalungkutan; nagdurugo ang aking puso.

[19]Pakinggan ninyo! Naririnig ko ang iyakan ng buong bayan, "Wala na ba sa Zion si Yahweh? Wala na ba roon ang hari ng Zion?" At sumagot si Yahweh, "Bakit ninyo ako ginagalit? Bakit kayo sumasamba sa mga diyus-diyosan na hindi ninyo kilala at wala namang kabuluhan?"

[20]At sumigaw ang bayan: "Dumaan na ang tag-araw, tapos na rin ang anihan, ngunit hindi pa kami naliligtas!"

[21]Para akong sinuntok sa dibdib dahil sa hirap na sinapit ng aking bayan; ako'y nanangis; lubos akong nalilito.

[22]Wala na bang panlunas sa Gilead? Wala na bang manggagamot diyan? Bakit hindi gumagaling ang aking bayan?

## Jeremias 9

[1]Sana'y naging balon ng tubig itong aking ulo, at bukal ng luha itong mata ko, upang ako'y may iluha sa maghapon at magdamag para sa aking mga kababayang namatay.

[2]Sana'y may mapagtaguan ako doon sa disyerto, kung saan malayo ako sa aking mga kababayan. Sila'y mapakiapid at pawang mga taksil.

[3]Sila'y laging handang magsabi ng kasinungalingan; kasamaan ang namamayani sa halip na katotohanan. Ganito ang sabi ni Yahweh: "Sunud-sunod na kasamaan ang ginagawa ng aking bayan, at ako'y hindi nila nakikilala."

[4]Mag-ingat kayo kahit sa inyong mga kaibigan, kahit kapatid ay huwag pagkatiwalaan; sapagkat mandaraya lahat ng kapatid, katulad ni Jacob, at bawat isa'y naninira sa kanyang kaibigan.

[5]Ang lahat ay nandaraya sa kanyang kapwa, walang nagsasabi ng katotohanan; dila nila'y sanay sa pagsisinungaling, sila'y patuloy sa pagkakasala, at hindi naiisip ang magsisi.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[6]Ang kanilang kasalanan ay patung-patong na, hindi tumitigil sa pandaraya sa iba. Kahit na si Yahweh hindi kinikilala.

[7]Kaya sinabi ni Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat, "Pahihirapan ko ang bansang ito upang sila'y subukin. Sapagkat ano pa ang aking magagawa sa bayan kong naging masama?

[8]Parang makamandag na pana ang kanilang mga dila, lahat ng sinasabi ay pawang pandaraya. Magandang mangusap sa kanilang kapwa, ngunit ang totoo, balak nila ay masama.

[9]Hindi ba nararapat na parusahan ko sila? Hindi ba dapat lang na maghiganti ako sa kanila? Ako, si Yahweh, ang nagsasabi nito."

[10]Ang sabi ni Jeremias, "Ang mga bundok ay aking tatangisan, at iiyakan ko ang mga pastulan; sapagkat natuyo na ang mga damo, at wala nang nagdaraang tao. Hindi na naririnig ang unga ng mga baka; pati mga ibon at hayop sa gubat ay nag-alisan na."

[11]Ang sabi ni Yahweh: "Ang Jerusalem ay wawasakin ko. Kanyang mga pader, paguguhuin ko, at wala nang maninirahan doon kundi mga asong-gubat. Magiging disyerto, mga lunsod ng Juda, wala nang taong doon ay titira."

[12]At nagtanong si Jeremias, "Yahweh, bakit po nasalanta ang lupain at natuyo tulad sa isang disyerto, kaya wala nang may gustong dumaan? Sinong matalino ang makakaunawa nito? Kanino ninyo ipinaliwanag ang nangyaring ito upang masabi naman niya sa iba?"

[13]Sumagot si Yahweh, "Nangyari ito sapagkat tinalikuran ng aking bayan ang kautusang ibinigay ko sa kanila at hindi sila sumunod sa akin.

[14]Sa halip, nagmatigas sila at sumamba sa diyus-diyosang si Baal, gaya ng itinuro ng kanilang mga magulang.

[15]Kaya, akong si Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel, ganito ang gagawin ko. Mapapait na halaman ang ipapakain ko sa kanila at tubig na may lason ang ipapainom ko sa kanila.

[16]Pangangalatin ko sila sa iba't ibang bansa, mga bansang ni hindi man lamang nabalitaan ng kanilang mga magulang. At magpapadala ako ng mga hukbong sasalakay sa kanila hanggang sa lubusan silang malipol."

### Napapasaklolo ang mga Taga-Jerusalem

[17]Ang sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: "Isipin ninyo ang mga nangyayari! Tawagin ninyo ang mga taga-iyak, ang mga babaing sanay managhoy."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18 Sabi naman ng mga tao, “Pagmadaliin sila upang managhoy para sa atin, hanggang sa bumalong ang ating mga luha at mamugto sa pag-iyak ang ating mga mata.”

19 Dinggin mo ang panaghoy sa Zion, “Nasalanta na tayo! Napakalaking kahihiyan nito! Lisanin na natin ang ating lupain; sapagkat wasak na, mga tahanan natin.”

20 Sinabi naman ni Jeremias, “Mga babae, pakinggan ninyo si Yahweh, at unawain ang kanyang sinasabi. Turuan ninyong managhoy ang inyong mga anak na babae, gayon din ang kanilang mga kaibigan.

21 Nakapasok na ang kamatayan sa ating mga tahanan, at sa magagarang palasyo; pinuksa niya ang mga batang nasa lansangan, at ang mga kabataang nasa pamilihan.

22 Nagkalat kahit saan ang mga bangkay, tila bunton ng dumi sa kabukiran, parang uhay na ginapas ng mga mang-aani at saka iniwang walang nag-iipon. Ito ang ipinapasabi sa akin ni Yahweh.”

23 Ang sabi ni Yahweh: “Huwag ipagmayabang ng matatalino ang kanyang karunungan o ng malakas ang lakas na kanyang taglay ni ng mayaman ang kanyang kayamanan.

24 Kung may nais magmalaki, ang ipagmalaki niya'y ang pagkakilala't pagkaunawa sa akin, sapagkat ang aking pag-ibig ay hindi nagbabago, makatarungan at matuwid ang mga ginagawa ko. Ito ang mga bagay na nais ko. Ako, si Yahweh, ang nagsasabi nito.”

25 Sinabi pa ni Yahweh, “Darating ang panahong paparusahan ko ang lahat ng tinuli ngunit ang puso'y hindi naman nababago;

26 mga taga-Egipto, Juda, Edom, Ammon, Moab at lahat ng naninirahan sa disyerto at ang mga nagpuputol ng kanilang buhok. Sila at lahat ng mga taga-Israel ay hindi pa nagkakaroon ng panloob na pagbabago bagaman sila ay tinuli ayon sa laman.”

## Jeremias 10

### Ang Pagsamba sa Diyus-diyosan at ang Tunay na Pagsamba

1 Mga anak ni Israel, pakinggan ninyo ang ipinapasabi ni Yahweh.

2 Ang sabi niya, “Huwag ninyong tutularan ang ginagawa ng ibang mga bansa; o mabahala sa nakikitang mga tanda sa kalangitan, na labis nilang kinatatakutan.

3 Ang dinidiyos nila'y hindi maaasahan. Isang punongkahoy na pinutol sa gubat, inanyuan ng mga dalubhasang kamay,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4at pinalamutian ng ginto at pilak. Idinikit at pinakuan upang hindi mabuwal.

5Ang mga diyus-diyosang ito'y tulad sa panakot ng ibon sa gitna ng bukid,
hindi nakakapagsalita; pinapasan pa sila sapagkat hindi nakakalakad. Huwag
kayong matakot sa kanila sapagkat hindi sila makakagawa ng masama, at
wala ring magagawang mabuti."

6Wala nang ibang tulad mo, O Yahweh; ikaw ay makapangyarihan, walang
kasindakila ang iyong pangalan.

7Sino ang hindi matatakot sa iyo, ikaw na Hari ng lahat ng bansa? Karapat-
dapat lamang na ikaw ay katakutan. Kahit na piliin ang lahat ng matatalino
mula sa lahat ng bansa at mga kaharian, wala pa ring makakatulad sa iyo.

8Silang lahat ay pawang hangal at mangmang. Ano ang maituturo sa kanila
ng mga diyus-diyosang kahoy?

9Ang kanilang diyus-diyosa'y binalutan ng pilak na galing sa Tarsis, at ng
gintong mula sa Upaz, ginawang lahat ng mahuhusay na kamay; pagkatapos
ay binihisan ng kulay ube at pula na hinabi naman ng manghahabing sanay.

10Ngunit ikaw, Yahweh, ang tunay na Diyos, ikaw ang Diyos na buháy, at ang
Haring walang hanggan. Nayayanig ang daigdig kapag ikaw ay nagagalit, at
walang bansang makakatagal sa tindi ng iyong poot.

11Sabihin ninyo sa mga diyus-diyosan: ang sinumang hindi makalikha ng
langit at lupa ay dudurugin at lubusang mawawala sa ibabaw ng daigdig.

**Awit ng Pagpupuri sa Diyos**

12Nilikha ni Yahweh ang lupa sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan.
Lumitaw ang daigdig dahil sa kanyang karunungan, at iniladlad niya ang
langit sa bisa ng kanyang kaalaman.

13Pagkarinig sa kanyang utos, umugong ang mga tubig sa kalangitan;
napagsama-sama niya ang mga ulap mula sa lahat ng hangganan ng lupa.
Nagagawa niyang pakislapin ang kidlat sa gitna ng ulan, at nagpapaihip sa
hangin mula sa kublihan nito.

14Sa harapan niya ang bawat tao'y mistulang mangmang; malalagay sa
kahihiyan bawat panday sapagkat ang ginawa nilang mga diyus-diyosan ay
hindi totoo at walang buhay.

15Sila'y walang silbi sapagkat likha lamang ng pandaraya; wawasakin silang
lahat ni Yahweh.

16Ngunit hindi ganito ang Diyos ni Jacob; siya ang maylikha ng lahat ng
bagay; at pinili niya ang Israel upang maging kanyang bayan. Yahweh ang
kanyang pangalan, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

**Ang Darating na Pagkabihag**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17“Mga taga-Jerusalem na napapaligiran ng kaaway, ipunin ninyo ang inyong mga ari-arian.

18Palalayasin na kayo ni Yahweh at ipapatapon sa ibang lupain. Pahihirapan kayong lahat hanggang sa walang matira.” Ito ang sabi ni Yahweh.

19At dumaing naman ang mga taga-Jerusalem, “Napakatindi ng parusa sa amin! Hindi gumagaling ang aming mga sugat. Akala namin, ito'y aming matitiis.

20Ang aming mga tolda ay nawasak; napatid na lahat ang mga lubid. Ang aming mga anak ay naglayasang lahat, walang natira upang mag-ayos ng aming tolda; wala isa mang magsasabit ng mga kurtina.”

21At sumagot si Jeremias, “Ang aming mga pinuno'y pawang mga hangal; hindi sila sumangguni kay Yahweh. Kaya hindi sila naging matagumpay, at ang mga tao'y nagsipangalat.

22Makinig kayo! May dumating na balita! Nagkakagulo sa isang bansang nasa hilaga; ang kanilang hukbo ang pupuksa sa mga lunsod ng Juda, at ito'y magiging disyerto, tahanan ng mga asong-gubat.”

23Nalalaman ko po, Yahweh, na walang taong may hawak ng sarili niyang buhay; at walang nakakatiyak ng kanyang sasapitin.

24Ituwid mo ang iyong bayan, O Yahweh; ngunit huwag naman sana kayong maging marahas. Huwag kaming parusahan sa panahong kayo'y napopoot; na siyang magiging wakas naming lahat.

25Ibaling mo ang iyong poot sa mga bansang ayaw kumilala sa iyo at sa mga taong hindi tumatawag sa iyong pangalan. Pinatay nila ang mga anak ni Jacob; at winasak ang kanilang lupain.

## Jeremias 11

### Si Jeremias at ang Kasunduan

1Sinabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, kay Jeremias:

2“Pakinggan mong mabuti ang nakasulat sa kasunduang ito, at sabihin mo sa mga taga-Juda at sa mga taga-Jerusalem

3na susumpain ko ang sinumang hindi susunod sa itinatakda ng kasunduang ito.

4Ito ang kasunduan namin ng inyong mga magulang nang iligtas ko sila sa Egipto, ang lupaing parang pugon na tunawan ng bakal. Sinabi kong pakinggan nila at sundin ang aking mga utos. At kung susunod sila, sila'y magiging bayan ko at ako'y magiging Diyos nila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[5]Sa gayon, tutuparin ko ang aking pangako sa kanilang mga magulang, na ipapamana ko sa kanila ang lupaing mayaman at sagana sa lahat ng bagay na tinatahanan nila ngayon." Sumagot naman si Jeremias, "Opo, Yahweh."

[6]Pagkatapos, inutusan ni Yahweh si Jeremias: "Pumunta ka sa mga lunsod ng Juda at sa mga lansangan ng Jerusalem. Ipahayag mo ang aking mensahe sa kanila, at sabihin mo sa mga tao na unawain ang isinasaad sa kasunduan, at sundin ang mga ito.

[7]Nang ilabas ko sa Egipto ang kanilang mga magulang, mahigpit kong ipinagbilin na sundin nila ang aking mga utos. Patuloy kong pinaaalalahanan ang aking bayan hanggang sa panahong ito.

[8]Subalit hindi sila nakinig. Sa halip ay patuloy na nagmatigas at nagpakasama ang bawat isa sa kanila. Iniutos kong sundin nila ang kasunduan, ngunit sila'y tumanggi. Kaya naman ipinalasap ko sa kanila ang lahat ng parusang sinasabi dito."

[9]Muling sinabi ni Yahweh kay Jeremias: "Naghihimagsik laban sa akin ang mga taga-Juda at Jerusalem.

[10]Ginawa rin nila ang kasalanan ng kanilang mga magulang; hindi nila sinunod ang aking utos; sumamba sila sa mga diyus-diyosan. Ang Israel at ang Juda ay kapwa sumira sa kasunduan namin ng mga magulang nila.

[11]Kaya binalaan ko sila na sila'y aking lilipulin, at wala isa mang makakaligtas. At kapag sila'y humingi ng tulong sa akin, hindi ko sila papakinggan.

[12]Dahil dito'y tatawag sa mga diyus-diyosan ang mga taga-Juda at Jerusalem at magdadala ng mga handog sa harapan ng mga ito. Subalit hindi sila maililigtas ng mga diyus-diyosang ito kapag dumating na ang oras ng paglipol.

[13]Kung ano ang dami ng mga lunsod sa Juda, gayon din kadami ang kanilang mga diyus-diyosan. At kung ano ang dami ng mga lansangan sa Jerusalem ay siya ring dami ng kanilang mga altar na handugan para kay Baal.

[14]At ikaw naman, Jeremias, huwag mo nang idalangin ang mga taong iyan. Kapag naranasan na nila ang paghihirap at sila'y humingi ng tulong sa akin, hindi ko sila papakinggan."

[15]Ang sabi ni Yahweh, "Ang mga taong iniibig ko'y gumagawa ng kasamaan. May karapatan pa ba silang pumasok sa aking Templo? Sa akala ba nila'y maililigtas sila ng kanilang mga pangako at pagdadala ng mga hayop bilang handog na susunugin? Magagalak ba sila pagkatapos niyon?

[16]Noong una'y inihambing ko sila sa isang malagong puno ng olibo na hitik sa bunga. Ngunit ngayon, kaalinsabay ng pagdagundong ng kulog,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

susunugin ko sa tama ng kidlat ang kanilang mga dahon, at babaliin ang kanilang mga sanga.

17“Ako, si Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat, ang siyang nagtatag sa Israel at sa Juda; ngunit paparusahan ko sila dahil sa kanilang mga kasalanan. Ginalit nila ako nang magsunog sila ng mga handog sa harapan ni Baal.”

### Isang Pagtatangka sa Buhay ni Jeremias

18Ipinaalam sa akin ni Yahweh ang masamang balak ng aking mga kaaway laban sa akin.

19Tulad ko'y isang maamong tupa na dinadala sa katayan at hindi ko alam na may masamang balak pala sila sa akin. Ang sabi nila, “Putulin natin ang puno habang malusog; patayin natin siya nang wala nang makaalaala pa sa kanya.”

20At nanalangin si Jeremias, “O Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ikaw ay hukom na makatarungan. Nababatid mo ang isipan at damdamin ng bawat tao. Ikaw ang maghiganti sa mga taong ito; ipinapaubaya ko sa iyong mga kamay ang anumang mangyayari sa akin.”

21Si Jeremias ay binantaan ng mga taga-Anatot na papatayin kung hindi siya titigil ng pangangaral sa pangalan ni Yahweh.

22Kaya ito ang sabi ni Yahweh: “Paparusahan ko sila! Mapapatay sa digmaan ang kanilang mga kabataang lalaki; mamamatay sa gutom ang kanilang maliliit na anak.

23Walang matitira sa kanila kapag dumating na ang panahon na parusahan ko sila.”

## Jeremias 12

### Tinatanong ni Jeremias si Yahweh

1Ikaw ay matuwid, Yahweh, at kung ako ma'y mangatwiran, mapapatunayan mong ikaw ay tama. Ngunit bayaan mong magtanong ako. Bakit nagtatagumpay ang masasamang tao? At ang mandaraya ay umuunlad?

2Sila'y itinatanim mo at nag-uugat, lumalago at namumunga. Maganda ang sinasabi nila tungkol sa iyo subalit malayo ka sa kanilang mga puso.

3Ngunit ako, Yahweh, ay iyong kilala; nakikita mo ako, ang mga ginagawa ko, nasa iyo ang puso ko. Hilahin mo ang mga taong ito, gaya ng mga tupang kakatayin; ihiwalay mo sila hanggang sa sandali na sila ay patayin.

4Hanggang kailan pa mananatiling tigang ang lupain, at tuyot ang mga damo sa parang? Nagkakamatay na ang mga ibon at mga hayop dahil sa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

kasamaan ng mga tao doon. At sinasabi pa nila, “Hindi niya nakikita ang
aming ginagawa.”

5At sumagot si Yahweh, “Jeremias, kung hindi ka makatagal sa
pakikipaghabulan sa mga taong ito, paano ka makikipagpaligsahan sa mga
kabayo? Kung ika'y nadarapa sa patag na lupain, paano ka makakatagal sa
kagubatan ng Jordan?

6Kahit na ipinagkanulo ka ng iyong mga kapatid at sariling kamag-anak, at
kasama sila sa panunuligsa sa iyo. Huwag kang magtitiwala sa kanila
bagama't magaganda ang kanilang sinasabi sa iyo.”

**Nagdadalamhati si Yahweh Dahil sa Kanyang Bayan**

7Sinasabi ni Yahweh, “Pinabayaan ko na ang aking bayan, itinakwil ko na ang
bansang aking hinirang. Ang mga taong aking minahal ay ibinigay ko na sa
kamay ng kanilang mga kaaway.

8Lumaban sa akin ang aking bayan, tulad ng mabangis na leon sa kagubatan;
nagtataas sila ng kanilang tinig laban sa akin, kaya kinamumuhian ko sila.

9Ang bayang pinili ko'y tulad sa isang ibong pinagtutulungan ng mga ibong
mandaragit. Tawagin ang lahat ng mababangis na hayop, at makisalo sa
kanyang bangkay!

10Sinira ng maraming pinuno ang aking ubasan, pati ang aking kabukiran ay
kanilang sinagasaan; ang aking magandang lupain, ngayon ay wala nang
mapapakinabangan.

11Wala nang halaga ang buong lupain; tigang na tigang sa aking harapan.
Ang bayan ngayon ay isa nang ilang, at walang nagmamalasakit na sinuman.

12Mula sa kahabaan ng maburol na ilang ay lumusob ang mga
mandarambong. Pinalaganap ko ang digmaan upang mawasak ang buong
bayan; at walang sinuman ang makakaligtas.

13Naghasik ng trigo ang mga tao, ngunit tinik ang inani; nagpakahirap sila sa
paggawa, subalit wala silang pinakinabangan. Wala silang inani sa kanilang
itinanim dahil sa matinding galit ko sa kanila.”

**Ang Babala ni Yahweh sa mga Karatig-bansa ng Israel**

14Ito ang sinasabi ni Yahweh tungkol sa masasamang naninirahan sa paligid
ng Israel, mga taong nanira sa lupaing ipinamana niya sa kanyang bayan:
“Aalisin ko ang mga taong ito sa kanilang bansa, gaya ng halamang
binubunot sa lupa. At ililigtas ko ang Juda sa kanilang pananakop.

15Subalit matapos ko silang alisin, sila'y aking kahahabagan. Ibabalik ko sa
kani-kanilang sariling lupain ang bawat bayan.

16At kung buong puso nilang tatanggapin ang pananampalataya ng aking
bayan at kung matututo silang manumpa nang ganito: ‘Saksi si Yahweh’, ang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Diyos na buháy gaya ng itinuro nila sa aking bayan na pagsumpa kay Baal—sila ay mapapabilang sa aking bayan at uunlad ang kanilang pamumuhay.

17Subalit ang alinmang bansang hindi susunod sa akin ay bubunutin at lubos kong wawasakin. Akong si Yahweh ang maysabi nito."

## Jeremias 13

### Ang Talinghaga ng mga Damit-panloob

1Ganito ang utos sa akin ni Yahweh, "Bumili ka ng mga damit-panloob na yari sa linen at iyong isuot ngunit huwag mong babasain."

2Kaya bumili nga ako ng damit-panloob, ayon sa sinabi ni Yahweh, at aking isinuot.

3Pagkatapos ay inutusan akong muli ni Yahweh,

4"Pumunta ka sa Ilog Eufrates; hubarin mo ang damit-panloob, at iyong itago sa isang butas sa bato."

5Kaya ginawa ko ang iniutos sa akin ni Yahweh at pagkatapos, ako'y umuwi.

6Makalipas ang maraming araw, pinabalik niya ako sa Eufrates upang kunin ang mga damit-panloob na kanyang ipinatago.

7Nagbalik naman ako sa Eufrates at kinuha ang damit sa aking pinagtaguan. Ngunit sira na ito at hindi na mapapakinabangan.

8Muling nagsalita si Yahweh,

9"Ganyan ang gagawin ko sa palalong Juda at sa mas palalo pang Jerusalem.

10Ang masasamang taong ito'y hindi sumunod sa aking mga utos; lalo silang nagmatigas at sinunod ang kanilang sariling kagustuhan. Sumamba pa sila at naglilingkod sa mga diyus-diyosan. Matutulad sila sa sirang damit-panloob na wala nang kabuluhan.

11Kung paanong kumakapit sa katawan ng tao ang damit-panloob, gayon ang nais ko sa mga taga-Israel at taga-Juda—na sila'y kumapit sa akin nang mahigpit. Ginawa ko ito upang sila'y maging karapat-dapat na bansang hinirang, at sa gayo'y papurihan nila at parangalan ang aking pangalan. Ngunit ayaw naman nilang sumunod sa akin."

### Ang Talinghaga ng Lalagyan ng Alak

12Sinabi ni Yahweh kay Jeremias, "Sabihin mo sa kanila na ganito ang ipinapasabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel: Punuin ninyo ng alak ang bawat tapayan. Ganito naman ang isasagot nila, 'Alam namin na dapat punuin ng alak ang bawat tapayan.'

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Pagkatapos, sasabihin mo sa kanila, 'Ang mga tao sa lupaing ito ay paiinumin ni Yahweh ng alak hanggang sa sila'y malasing: mula sa mga hari na mga salinlahi ni David, mga pari, mga propeta, at lahat ng tao sa Jerusalem.

14At pagkatapos, pag-uumpug-umpugin ko silang parang mga tapayan hanggang madurog na lahat, matatanda't mga bata. Hindi ko sila kahahabagan kaunti man kapag ginawa ko ito.'"

**Nagbababala si Jeremias tungkol sa Kapalaluan**

15Mga Israelita, si Yahweh ay nagpahayag na! Magpakumbaba kayo at siya'y dinggin.

16Parangalan ninyo si Yahweh na inyong Diyos, bago niya palaganapin ang kadiliman, at bago kayo madapa sa mga bundok kapag dumilim na; bago niya gawing matinding kadiliman ang liwanag na inaasahan ninyo.

17Ngunit kung hindi kayo makikinig, palihim akong tatangis dahil sa inyong kapalaluan; buong kapaitan akong iiyak, at tutulo ang aking mga luha sapagkat nabihag ang bayan ko.

18Sinabi ni Yahweh kay Jeremias, "Sabihin mo sa hari at sa kanyang inang reyna na bumabâ na sa kanilang trono sapagkat naalis na sa kanilang ulo ang magaganda nilang korona.

19Nasakop na ang mga bayan sa timog ng Juda; wala nang makapasok doon. Dinalang-bihag ang mga taga-Juda at ipapatapong lahat."

20Masdan ninyo, mga taga-Jerusalem! Dumarating na mula sa hilaga ang inyong mga kaaway. Nasaan ang mga taong ipinagkatiwala sa inyo, ang bayang ipinagmamalaki ninyo?

21Ano ang sasabihin mo kapag sinakop ka at pinagharian ng mga taong inakala mong mga kaibigan? Maghihirap ka tulad ng isang babaing nanganganak.

22At kung itanong mo kung bakit nangyari ito sa iyo: kung bakit napunit ang iyong damit, at kung bakit ka pinagsamantalahan; ang dahilan ay napakabigat ng iyong kasalanan.

23Kaya bang baguhin ng isang Etiope ang kulay ng kanyang balat o maaalis kaya ng isang leopardo ang kanyang mga batik? Kapag iyan ay nangyari, matututo na rin kayong gumawa ng matuwid, kayo na walang ginagawa kundi pawang kasamaan.

24Dahil dito, pangangalatin kayo ni Yahweh, tulad ng ipang ipinapadpad ng hangin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25“Iyan ang mangyayari sa inyo,” sabi ni Yahweh. “Iyan ang gagawin ko sa inyo, sapagkat ako'y kinalimutan ninyo at naglingkod kayo sa mga diyus-diyosan.

26Huhubaran kita at malalantad ka sa kahihiyan.

27Nakita ko ang mga kasuklam-suklam na gawa mo: Ang iyong pagsamba sa mga diyus-diyosang nasa mga burol at kabukiran; tulad ng lalaking nagnanasa sa asawa ng kanyang kapwa, gaya ng kabayong lalaki na humahalinghing pagkakita sa isang kabayong babae. Nakatakda na ang iyong kapahamakan, Jerusalem! Kailan ka pa kaya magsisisi upang maging malinis ka?”

## Jeremias 14

### Ang Matinding Tagtuyot

1Ito ang pahayag ni Yahweh kay Jere mias tungkol sa tagtuyot:

2“Nananangis ang Juda, naghihingalo ang kanyang mga lunsod, nakahandusay sa lupa ang mga tao dahil sa matinding kalungkutan, at napapasaklolo ang Jerusalem.

3Inutusan ng mayayaman ang kanilang mga alipin upang kumuha ng tubig; nagpunta naman ang mga ito sa mga balon, ngunit wala silang nakuhang tubig doon; kaya nagbalik sila na walang laman ang mga banga. Dahil sa kahihiyan at kabiguan ay tinatakpan nila ang kanilang mukha,

4sapagkat bitak-bitak na ang lupa. Tuyung-tuyo na ang lupain dahil hindi umuulan, nanlupaypay ang mga magbubukid, kaya sila'y nagtalukbong na lang ng mukha.

5Iniwan na ng inahing usa ang kanyang anak na bagong silang, sapagkat wala ng sariwang damo sa parang.

6Umakyat sa mga burol ang mga asnong maiilap, humihingal na parang mga asong-gubat; nanlalabo ang kanilang paningin dahil sa kawalan ng pagkain.

7Nagsumamo sa akin ang aking bayan: ‘Yahweh, bagaman inuusig kami ng aming mga kasalanan, gayunman, kami'y tulungan mo gaya ng iyong pangako. Tunay na maraming beses na kaming tumalikod; kami ay nagkasala laban sa iyo.

8Ikaw ang tanging pag-asa ng Israel, ikaw lamang ang makakapagligtas sa amin sa panahon ng kagipitan. Bakit para kang dayuhan sa aming bayan, parang isang manlalakbay na nakikitulog lamang?

9Bakit para kang isang taong nabigla, parang kawal na walang tulong na magawâ? Ngunit ang totoo, O Yahweh, kasama ka namin; kami ay iyong bayan, huwag mo kaming pabayaan.’”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Ang sabi ni Yahweh tungkol sa mga taong ito, “Ginusto nilang lumayo sa akin, at walang nakapigil sa kanila. Kaya naman hindi ako nalulugod sa kanila. Hindi ko malilimot ang masasama nilang gawa, at paparusahan ko sila dahil sa kanilang mga kasalanan.”

11At sinabi sa akin ni Yahweh, “Huwag mong hilingin sa akin na tulungan ko ang mga taong ito.

12Kahit na sila'y mag-ayuno, magsunog ng mga handog at magdala ng handog na pagkaing butil, hindi ko diringgin ang kanilang panalangin at hindi ako malulugod sa kanila. Sa halip, pababayaan ko silang mamatay sa digmaan, sa matinding gutom, at sa sakit.”

13Ang sabi ko naman, “Panginoong Yahweh, alam mong sinasabi ng mga propeta na hindi magkakaroon ng digmaan o taggutom, sapagkat iyong ipinangako na kapayapaan lamang ang mararanasan sa buong bayan.”

14Subalit ganito ang sagot ni Yahweh: “Pawang kasinungalingan ang sinasabi ng mga propetang iyan; hindi ko sila sinugo, inutusan, o kinausap man. Ang mga pangitaing kanilang sinasabi sa inyo ay hindi galing sa akin, kundi pawang kathang-isip lamang nila.

15Ito ang gagawin ko sa mga propetang hindi ko sinugo ngunit nagpapahayag sa aking pangalan at nagsasabing hindi daranas ng taggutom ang lupain—lilipulin ko sila sa pamamagitan ng digmaan at taggutom.

16Pati ang mga taong pinagsabihan nila ng mga bagay na ito ay masasawi sa digmaan at sa taggutom. Itatapon sa mga lansangan ng Jerusalem ang kanilang mga bangkay, at walang maglilibing sa kanila. Ganyan ang mangyayari sa kanilang lahat kasama ang kanilang mga asawa't mga anak. Pagbabayarin ko sila sa kanilang kasamaan.”

17Inutusan ni Yahweh si Jeremias na ipaalam sa bayan ang kanyang kalungkutan; at sabihin, “Araw-gabi'y hindi na ako titigil ng pag-iyak; sapagkat malalim ang sugat ng aking bayan, sila'y lubhang nasaktan.

18Kapag lumabas ako sa kabukiran, nakikita ko ang mga nasawi sa digmaan; kapag ako'y pumunta sa mga bayan, naroon naman ang mga taong namamatay sa gutom. Patuloy sa kanilang gawain ang mga propeta at mga pari, subalit hindi nila alam kung ano ang kanilang ginagawa.”

### Nagmakaawa kay Yahweh ang mga Tao

19Yahweh, lubusan mo na bang itinakwil ang Juda? Kinapootan mo na ba ang mga taga-Zion? Bakit ganito kalubha ang parusa mo sa amin, parang wala na kaming pag-asang gumaling? Naghanap kami ng kapayapaan ngunit nabigo kami; umasa kaming gagaling ngunit sa halip takot ang dumating.

20Yahweh, kinikilala namin ang aming kasamaan, at ang pagtataksil ng aming mga magulang; kaming lahat ay nagkasala sa iyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21 Huwag mo kaming itakwil, alang-alang sa iyong pangalan; huwag mong itulot na mapahiya ang Jerusalem, ang kinalalagyan ng marangal mong trono. Alalahanin mo ang ating kasunduan; huwag mo sana itong sirain.

22 Hindi makakagawa ng ulan ang mga diyus-diyosan ng alinmang bansa; hindi makapagpapaambon man lamang ang mga langit. Nasa iyo, O Yahweh, ang aming pag-asa, sapagkat ikaw lamang ang makakagawa ng mga bagay na ito.

## Jeremias 15

### Kapahamakan para sa mga Taga-Juda

1 Pagkatapos ay sinabi sa akin ni Yahweh, “Kahit na sina Moises at Samuel ang makiusap sa harapan ko, hindi ko kahahabagan kahit kaunti ang mga taong ito. Paalisin mo sila; ayoko na silang makita.

2 Kapag itinanong nila sa iyo kung saan sila pupunta, sabihin mong itinakda na ang kanilang hantungan: Ang iba sa kanila'y mamamatay sa sakit. Masasawi naman sa digmaan ang iba. Ang iba'y sa matinding gutom. At bibihagin ng mga kaaway ang iba pa!

3 Apat na nakakapangilabot na parusa ang ipinasiya kong ipadala sa kanila: Sila'y mamamatay sa digmaan; lalapain ng mga aso ang kanilang mga bangkay; kakainin ng mga buwitre ang kanilang laman; at sisimutin ng mababangis na hayop ang anumang matitira.

4 Gagawin ko silang kahindik-hindik sa lahat ng tao sa buong daigdig, dahil sa mga ginawa sa Jerusalem ni Manases na anak ni Hezekias noong siya'y hari sa Juda.

5 “Sino ang mahahabag sa inyo, mga taga-Jerusalem, at sino ang malulungkot sa sinapit ninyo? Sino ang mag-uukol ng panahon upang alamin ang inyong kalagayan?

6 Ako'y itinakwil ninyong lahat; kayo'y tumalikod sa akin. Kaya pagbubuhatan ko kayo ng kamay at aking dudurugin, sapagkat hindi ko mapigil ang poot ko sa inyo. Akong si Yahweh ang nagsasalita.

7 Kayo'y parang mga ipang itatahip ko, at tatangayin kayo ng hangin sa buong lupain. Padadalhan ko kayo ng kapighatian, kayo'y aking pupuksain, bayan ko, sapagkat ayaw ninyong iwan ang inyong masasamang gawa.

8 Mas marami pa ang magiging balo sa inyong kababaihan kaysa dami ng buhangin sa dagat. Lilipulin ko ang inyong mga kabataan, aking patatangisin ang kanilang mga ina. At biglang darating sa kanila ang dalamhati at takot.

9 Ang inang mawawalan ng pitong anak na lalaki ay mawawalan ng malay at hahabulin ang kanyang hininga. Para sa kanya, magdidilim ang dating maliwanag dahil sa malaking kahihiyan at pagdaramdam. Ang matitirang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

buháy ay pababayaan kong mamatay sa kamay ng kanilang mga kaaway. Ako, si Yahweh, ang maysabi nito."

### Dumaing kay Yahweh si Jeremias

10Napakahirap ng kalagayan ko! Bakit pa ba ako isinilang sa daigdig na ito? Lagi akong may kaaway at kalaban sa buong lupain. Hindi ako nagpautang, o kaya'y nangutang; gayunman, nilalait ako ng lahat.

11Yahweh, mangyari nawa ang kanilang mga sumpa sa akin kung hindi kita pinaglingkurang mabuti, at kung hindi ako nakiusap sa iyo para sa aking mga kaaway nang sila'y naghihirap at naliligalig.

12Walang makakabali sa bakal, lalo na kung ang bakal ay mula sa hilaga, sapagkat ito'y hinaluan ng tanso.

13At sinabi sa akin ni Yahweh, "Pababayaan kong agawin ng mga kaaway ang mga kayamanan at ari-arian ng aking bayan, bilang parusa sa mga kasalanang kanilang nagawa sa buong lupain.

14At sila'y magiging mga alipin ng kanilang kaaway, sa isang lupaing hindi nila alam, sapagkat ang poot ko'y parang apoy na hindi mamamatay magpakailanman."

15Sinabi naman ni Jeremias, "Yahweh, ikaw ang nakakaalam ng lahat. Alalahanin mo ako't tulungan. Ipaghiganti mo ako sa mga umuusig sa akin. Huwag kang papayag sa kanila at baka ako'y kanilang patayin. Ako'y hinahamak nila dahil sa iyo.

16Nagsalita ka sa akin, at pinakinggan kitang mabuti. Ang mga salita mo'y aking kagalakan. Ako'y sa iyo, Yahweh, Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

17Hindi ko sinayang ang aking panahon sa pagpapakaligaya sa buhay, kasama ang ibang mga tao, ni hindi ako nakigalak sa kanila. Dahil sa pagsunod sa iyong utos, nanatili akong nag-iisa at nagpupuyos sa galit ang kalooban ko.

18Bakit hindi na natapos ang aking paghihirap? Bakit hindi na gumaling ang mga sugat ko? Talaga bang wala nang lunas ito? Nais mo bang ako'y mabigo, gaya ng isang batis na natutuyo sa tag-araw?"

19Ganito ang isinagot ni Yahweh, "Kung manunumbalik ka, tatanggapin kita, at muli kitang gagawing lingkod ko. Kung magsasalita ka ng mga bagay na may kabuluhan, at hindi ng walang kabuluhan, muli kitang gagawing propeta. Lalapit sa iyo ang mga tao, at hindi ikaw ang lalapit sa kanila.

20Sa harapan ng mga taong ito'y gagawin kitang isang matibay na pader na tanso. Lalabanan ka nila, ngunit hindi sila magtatagumpay. Sapagkat ako'y sasaiyo upang ingatan ka at panatilihing ligtas.

21Ililigtas kita sa kamay ng masasama at iingatan laban sa mararahas."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Jeremias 16

### Ang mga Utos ni Yahweh kay Jeremias

1Muling nagsalita sa akin si Yahweh at ang sabi,

2“Huwag kang mag-aasawa o kaya'y magkakaanak sa lupaing ito.

3Sasabihin ko sa iyo ang mangyayari sa mga anak na isisilang dito, gayundin sa kanilang mga magulang:

4Mamamatay sila dahil sa nakamamatay na karamdaman, at walang tatangis o maglilibing sa kanila. Ang kanilang mga bangkay ay parang basurang matatambak sa lupa. Sila'y mapapatay sa digmaan o mamamatay sa matinding gutom, at kakainin ng mga buwitre at mababangis na hayop ang kanilang mga bangkay.

5“Huwag kang papasok sa alinmang bahay na may patay. Huwag mo ring ipagdadalamhati ang pagkamatay ninuman. Sapagkat inalis ko na sa aking bayan ang kapayapaan; hindi na ako magpapakita sa kanila ng pag-ibig at kahabagan.

6Mayaman at dukha'y mamamatay sa lupaing ito; hindi sila ililibing o iiyakan man. Walang taong susugat sa sarili o mag-aahit ng ulo bilang tanda ng pagdadalamhati.

7Wala nang sasalo sa naulila upang aliwin ito. Wala nang makikiramay sa namatayan, kahit pa ama o ina ang namatay.

8“Huwag kang papasok sa bahay na nagdaraos ng isang malaking pista. Huwag ka ring sasalo sa kanilang kainan at inuman.

9Ako si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel. Pakinggan mo ang aking sasabihin: Sasalantain ko ang lugar na ito. Hindi na maririnig pa ang mga himig ng kagalakan at katuwaan. Hindi na maririnig ang masasayang tinig ng mga ikakasal. Ang kaganapan ng mga bagay na ito'y masasaksihan ng mga narito.

10“At kapag sinabi mo sa kanila ang lahat ng ito, itatanong nila sa iyo kung bakit ko sila pinaparusahan nang gayon. Itatanong nila kung anong kasalanan ang nagawa nila laban sa akin na kanilang Diyos.

11Sabihin mo sa kanila, ‘Ganito ang sabi ni Yahweh: Ang inyong mga ninuno ay tumalikod sa akin; sumamba at naglingkod sila sa mga diyus-diyosan. Itinakwil nila ako at hindi sinunod ang aking mga utos.

12Ngunit higit na masama ang ginawa ninyo kaysa ginawa ng inyong mga ninuno. Kayong lahat ay matitigas ang ulo, masasama, at hindi sumusunod sa akin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[13]Dahil dito, ipapatapon ko kayo sa isang bayang hindi ninyo alam maging ng inyong mga ninuno. Doo'y maglilingkod kayo sa ibang diyos araw at gabi, at hindi ko kayo kahahabagan.'"

### Ang Pagbabalik mula sa Pagkatapon

[14]"Darating ang panahon," sabi ni Yahweh, "na wala nang manunumpa nang ganito, 'Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy na nagpalaya sa Israel mula sa Egipto!'

[15]Sa halip, ang sasabihin nila'y, 'Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy na nagpalaya sa Israel mula sa lupain sa hilaga, at mula sa iba't ibang bansang pinagtapunan sa kanila.' Ibabalik ko sila sa sarili nilang bayan, ang lupaing ibinigay ko sa kanilang mga ninuno. Akong si Yahweh ang nagsasalita."

### Ang Darating na Kaparusahan

[16]"Magpapadala ako ng maraming mangingisda upang hulihin ang mga taong ito na gaya ng isda. Magsusugo rin ako ng maraming mangangaso upang hanapin sila sa bawat bundok at burol, pati sa mga guwang ng mga bato. Akong si Yahweh ang nagsasabi nito.

[17]Nakikita ko ang lahat ng ginagawa nila. Walang anumang maitatago sa akin; hindi mawawala sa aking paningin ang kanilang mga kasalanan.

[18]Magbabayad sila nang makalawang beses sa kanilang mga kasalanan at kasamaan sapagkat nilapastangan nila ang aking lupain sa pamamagitan ng pagsamba sa mga diyus-diyosang walang buhay at kasuklam-suklam na gawain."

### Ang Panalangin ng Pagtitiwala ni Jeremias kay Yahweh

[19]O Yahweh, ikaw ang aking lakas at tanggulan; ang aking takbuhan sa oras ng kagipitan. Sa iyo magsisilapit ang mga bansa mula sa kadulu-duluhan ng daigdig at kanilang sasabihin, "Ang mga diyos ng aming mga ninuno'y pawang bulaan at walang kabuluhan.

[20]Maaari bang gumawa ng sarili nilang diyos ang mga tao? Hindi! Kung gagawa sila, hindi ito maaaring maging tunay na diyos."

[21]"Kaya nga magmula ngayon," sabi ni Yahweh, "ipapaalam ko sa lahat ng bansa ang aking kapangyarihan at lakas, at makikilala nilang ako nga si Yahweh."

## Jeremias 17

### Ang Kasalanan at ang Kaparusahan ng Juda

[1]Sinasabi ni Yahweh, "Mga taga-Juda, ang inyong mga kasalanan ay isinulat ng panulat na bakal; iniukit sa pamamagitan ng matulis na diyamante sa inyong mga puso, at sa mga sulok ng inyong mga altar.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Naalala ng inyong mga anak ang mga altar at haliging ginawa ninyo para sa
diyosang si Ashera. Ang mga ito'y nakatayo sa tabi ng malalagong puno sa
ibabaw ng mga sagradong burol,

3at sa mga bundok na nasa maluwang na lupain. Pababayaan kong makuha
ng inyong mga kaaway ang mga kayamanan at mga ari-arian ninyo dahil sa
mga kasalanang ginawa ninyo sa buong lupain.

4Mapipilitan kayong isuko ang lupaing ibinigay ko sa inyo. At gagawin ko
kayong mga alipin ng inyong mga kaaway sa lupaing wala kayong nalalaman,
sapagkat parang apoy ang aking galit, at mananatiling nagniningas
magpakailanman."

**Kay Yahweh lamang Magtiwala**

5Sinasabi ni Yahweh, "Susumpain ko ang sinumang tumatalikod sa akin, at
nagtitiwala sa kanyang kapwa-tao, sa lakas ng mga taong may hangganan
ang buhay.

6Ang katulad niya'y halamang tumubo sa disyerto, sa lupang tuyo at maalat,
na walang ibang tumutubo; walang mabuting mangyayari sa kanya.

7"Mapalad ang mga taong nagtitiwala kay Yahweh, pagpapalain ang umaasa
sa kanya.

8Katulad niya'y isang punongkahoy na nakatanim sa tabi ng batisan; ang mga
ugat ay patungo sa tubig; hindi ito manganganib kahit dumating ang tag-init,
sapagkat mananatiling luntian ang mga dahon nito, kahit hindi umulan ay
wala itong aalalahanin; patuloy pa rin itong mamumunga.

9"Sino ang makakaunawa sa puso ng tao? Ito'y mandaraya at walang
katulad; wala nang lunas ang kanyang kabulukan.

10Akong si Yahweh ang sumisiyasat sa isip at sumasaliksik sa puso ng mga
tao. Ginagantimpalaan ko ang bawat isa ayon sa kanyang pamumuhay, at
ginagantimpalaan ayon sa kanyang ginagawa."

11Ang taong nagkakamal ng salapi sa pandaraya ay parang ibong pumipisa
sa hindi niya itlog. Mawawala ang mga kayamanang iyon sa panahon ng
kanyang kalakasan, at sa bandang huli, siya'y mapapatunayang isang
hangal.

12Ang ating Templo'y katulad ng isang maharlikang trono, nakatayo sa isang
mataas na bundok buhat pa noong una.

13Ikaw, Yahweh, ang pag-asa ng Israel; mapapahiya ang lahat ng
magtatakwil sa iyo. Maglalaho silang gaya ng pangalang isinulat sa alabok,
sapagkat itinakwil ka nila, Yahweh, ang bukal ng tubig na nagbibigay-buhay.

**Humingi ng Tulong kay Yahweh si Jeremias**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Yahweh, pagalingin mo ako, at ako'y lubusang gagaling; sagipin mo ako, at ako'y ganap na maliligtas. Ikaw ang tangi kong pupurihin!

15Sinasabi sa akin ng mga tao, “Nasaan ang mga banta ni Yahweh laban sa amin? Bakit hindi niya ito gawin ngayon?”

16Hindi ko hiniling na parusahan mo sila, o ninais na sila'y mapahamak. Yahweh, nalalaman mo ang lahat ng ito; alam mo kung ano ang aking mga sinabi.

17Huwag mo sana akong takutin; ikaw ang kublihan ko sa panahon ng kagipitan.

18Biguin mo ang mga umuusig sa akin; ngunit huwag mo akong ilagay sa kahihiyan. Hasikan mo sila ng takot ngunit huwag mo akong tatakutin. Parusahan mo sila at sila'y iyong wasakin.

### Paggalang sa Araw ng Pamamahinga

19Sinabi sa akin ni Yahweh, “Pumunta ka at tumayo sa Pintuang-bayan na pinapasukan at nilalabasan ng mga hari ng Juda; pagkatapos, gayundin ang iyong gawin sa lahat ng pintuang-bayan sa Jerusalem.

20Sabihin mo sa mga hari, sa lahat ng taga-Juda, sa sinumang nakatira sa Jerusalem, at sa pumapasok sa mga pintuang-bayang ito, na pakinggan ang sasabihin ko:

21Kung ayaw ninyong mapahamak, huwag kayong magbubuhat ng anuman kung Araw ng Pamamahinga; huwag kayong papasok sa pintuang-bayan ng Jerusalem na may dalang anuman sa araw na iyon.

22Huwag din kayong magbubuhat ng anuman mula sa inyong bahay at huwag kayong gagawa ng anumang trabaho sa Araw ng Pamamahinga; ito'y igalang ninyo bilang banal na araw, gaya ng iniutos ko sa inyong mga magulang.

23Ngunit hindi sila nakinig sa akin o kaya'y sumunod, sa halip, nagmatigas pa sila. Ayaw nila akong sundin o paturo sa akin.

24“Ngunit kung kayo'y makikinig sa akin, at hindi magdadala ng anuman pagpasok sa pintuang-bayan ng lunsod na ito kung Araw ng Pamamahinga; kung igagalang ninyo ang araw na ito bilang banal at hindi kayo gagawa ng anumang gawain,

25makakapasok sa mga pintuang-bayan ng Jerusalem ang inyong mga hari at pinuno, at mauupo sa trono gaya ni David. Kasama ng mga taga-Juda at taga-Jerusalem, sasakay sila sa mga karwahe at mga kabayo, at laging mapupuno ng mga tao ang lunsod ng Jerusalem.

26Darating ang mga tao mula sa bawat bayan sa Juda at sa mga nayon sa paligid ng Jerusalem; may darating mula sa lupain ng Benjamin, mula sa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

paanan ng mga bundok, mula sa kaburulan, at mula sa timog ng Juda. Magdadala sila sa aking Templo ng mga haing susunugin at mga handog na pagkaing butil at inumin, kamanyang, gayundin ng mga handog bilang pasasalamat.

27Ngunit kailangang sumunod sila sa akin. Dapat nilang igalang ang Araw ng Pamamahinga, at huwag magbubuhat ng anuman sa araw na iyon pagpasok nila sa Jerusalem. Kung hindi, susunugin ko ang mga pintuang-bayan ng Jerusalem. Matutupok ang mga palasyo sa Jerusalem, at walang sinumang makakapatay sa sunog na ito."

## Jeremias 18

### Si Jeremias sa Bahay ng Magpapalayok

1Sinabi sa akin ni Yahweh,

2"Magpunta ka sa bahay ng magpapalayok, at may ipahahayag ako sa iyo."

3Kaya nagpunta naman ako, at dinatnan ko ang magpapalayok sa kanyang gawaan.

4Kapag ang ginagawa niyang palayok ay nasira, hinahalo niyang muli ang putik, at hinuhugisan nang panibago.

5Pagkatapos, sinabi sa akin ni Yahweh,

6"O Israel, wala ba akong karapatang gawin sa iyo ang ginawa ng magpapalayok sa putik na iyon? Kayo'y nasa mga kamay ko, tulad ng putik sa kamay ng magpapalayok.

7Kung sinabi ko man sa isang pagkakataon na aking bubunutin, ibabagsak o lilipulin ang alinmang bansa o kaharian,

8at ang bansang iyon ay tumalikod sa kanyang kasamaan, hindi ko na itutuloy ang aking sinabing gagawin.

9Sa kabilang dako, kung sinabi ko man na itatayo ko o itatatag ang isang bansa o kaharian,

10at gumawa pa rin ng kasamaan ang bansang iyon at hindi nakinig sa akin, babaguhin ko ang aking magandang balak.

11Kaya nga, sabihin mo sa mga naninirahan sa Juda at sa Jerusalem na may binabalak ako laban sa kanila at ako'y naghahanda upang parusahan sila. Sabihin mo sa kanila na tigilan na ang makasalanang pamumuhay at magbago na sila.

12Ang isasagot nila, 'Hindi! Lalo pa kaming magmamatigas at magpapakasama hanggang gusto namin.'"

### Itinakwil ng mga Tao si Yahweh

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Kaya nga, ito ang sabi ni Yahweh: "Tanungin mo ang alinmang bansa, kung may nangyari na bang ganito kahit kailan? Napakasama ng ginawa ng bayang Israel!

14Nawawalan ba ng yelo ang mabatong kabundukan ng Lebanon? Natutuyo ba ang umaagos at malamig na batis doon?

15Subalit ako'y kinalimutan ng aking bayan; nagsusunog sila ng kamanyang sa mga diyus-diyosan. Nadapa sila sa daang dapat nilang lakaran, at hindi na nila dinaanan ang lumang kalsada; lumakad sila sa mga daang walang palatandaan.

16Ang lupaing ito'y ginawa nilang pook ng katatakutan, at pandidirihan habang panahon. Masisindak ang bawat dadaan dito dahil sa makikita nila; mapapailing na lamang sila sa malaking pagtataka.

17Pangangalatin ko ang aking bayan sa harapan ng kanilang mga kaaway, gaya ng alikabok na hinihipan ng malakas na hangin. Tatalikuran ko sila at hindi tutulungan pagdating ng araw ng kapahamakan."

**Ang Pagtatangka Laban kay Jeremias**

18Nang marinig ito ng mga tao, sinabi nila, "Patayin na natin si Jeremias! May mga pari namang magtuturo sa atin, mga matatalino na magbibigay ng payo, at mga propetang magpapahayag ng mensahe ng Diyos. Isakdal natin siya, at huwag nang pakinggan ang mga sinasabi niya."

19Kaya nanalangin si Jeremias, "Yahweh, pakinggan mo ang aking dalangin; nalalaman mo ang binabalak ng aking mga kaaway.

20Ang kabayaran ba ng kabutihan ay kasamaan? Ano't naghanda sila ng hukay upang ako'y patayin? Nalalaman mo kung paano ko sila idinalangin sa iyo upang huwag mong ipalasap sa kanila ang iyong poot.

21Kaya ngayon, Yahweh, pabayaan mo nang mamatay sa gutom ang kanilang mga anak. Pabayaan mong mamatay sila sa digmaan. Pabayaan mong maulila sa asawa't mga anak ang mga babae, mamatay sa sakit ang mga kalalakihan, at masawi sa pakikidigma ang kanilang mga kabataang lalaki.

22Magpadala ka ng masasamang-loob upang nakawan ang kanilang mga tahanan nang walang babala. Pabayaan mo silang magsigawan sa takot. Naghanda sila ng hukay upang mahulog ako at ng mga bitag upang ako'y mahuli.

23Yahweh, nalalaman mo ang kanilang balak na pagpatay sa akin. Huwag mo silang patawarin sa kanilang kasamaan; huwag mong alisin sa iyong paningin ang kanilang kasalanan. Ibagsak mo silang lahat. Parusahan mo sila habang nag-aalab ang iyong poot."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Jeremias 19

### Ang Basag na Banga

1Inutusan ako ni Yahweh na bumili ng isang banga. Pagkatapos, inutusan rin niya akong tumawag ng ilang matatandang pinuno sa bayan at ng ilang nakatatandang pari,

2at isama sila sa Libis ng Ben Hinom, sa makalabas ng Pintuan ng Magpapalayok. Doon ko ipahahayag ang mensaheng ibibigay niya sa akin.

3Ganito ang sabi niya: “Pakinggan ninyo, mga hari ng Juda at mga taga-Jerusalem, ang sinasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel: Ang pook na ito'y padadalhan ko ng malagim na kapahamakan, at mangingilabot ang sinumang makakabalita niyon.

4Ganyan ang gagawin ko sapagkat ako'y itinakwil ng bayang ito, at pinarumi nila ang lupain dahil naghandog sila sa mga diyus-diyosang hindi naman nila nakikilala maging ng kanilang mga ninuno at ng mga hari ng Juda. Ang lupaing ito'y tinigmak nila ng dugo ng mga taong walang kasalanan.

5Nagtayo sila ng mga altar para kay Baal upang doon sunugin ang kanilang mga anak bilang handog sa kanya. Kailanma'y hindi ko iniutos o inisip man lamang na gawin nila ito.

6Kaya darating ang panahon na hindi na tatawaging Tofet o Libis ng Ben Hinom ang lugar na ito. Sa halip ay tatawagin itong Libis ng Kamatayan. Ako, si Yahweh, ang nagsabi nito.

7Sa pook na ito'y bibiguin ko ang lahat ng panukala ng mga taga-Juda at Jerusalem. Ipapalupig ko sila sa kanilang mga kaaway, at marami ang mamamatay sa labanan. Ang kanilang mga bangkay ay kakainin ng mga buwitre at mga hayop sa gubat.

8Nakakapangilabot na pagkawasak ang magaganap sa lunsod na ito, at ang bawat maparaan dito'y manghihilakbot.

9Kukubkubin ng mga kaaway ang lunsod na ito upang ang mga nanirahan dito'y patayin sa gutom. At dahil sa matinding gutom ng mga tao, kakanin nila ang laman ng kanilang kapwa, at pati na ng kanilang sariling mga anak.”

10Pagkatapos, iniutos sa akin ni Yahweh na basagin ang banga sa harap ng mga isinama ko,

11at sabihin sa kanila: “Ganito ang ipinapasabi ni Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat: Dudurugin ko ang lunsod na ito at ang mga naninirahan dito, gaya ng ginawa mo sa banga; ito'y hindi na muling mabubuo. Pati ang Tofet ay paglilibingan ng mga bangkay sapagkat wala nang ibang mapaglilibingan sa kanila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[12]Ganito ang gagawin ko sa lunsod na ito at sa mga naninirahan dito. Matutulad sila sa Tofet. Akong si Yahweh ang nagsabi nito.

[13]Magiging maruming gaya ng Tofet ang mga bahay sa Jerusalem, ang mga palasyo ng mga hari sa Juda, at lahat ng gusali, sapagkat sa mga bubungan ng mga gusaling ito'y nagsunog sila ng kamanyang para sa mga bituin at nagbuhos ng inuming handog sa ibang mga diyos."

[14]Nilisan ko ang Tofet pagkatapos kong sabihin doon ang pahayag ni Yahweh. Pumunta naman ako at tumayo sa bulwagan ng Templo at sinabi sa lahat ng naroroon,

[15]"Ito ang ipinapasabi ni Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel: Ipapataw ko na sa lunsod na ito at sa mga karatig-bayan ang lahat ng parusang binanggit ko, sapagkat matitigas ang ulo ninyo at ayaw ninyong pakinggan ang aking sinasabi."

## Jeremias 20

### Ang Pakikipagtalo ni Jeremias kay Pashur

[1]Si Pashur na anak ni Imer ay isang pari at siyang pinakapuno ng mga naglilingkod sa templo. Narinig niya ang pahayag ni Jeremias.

[2]Kaya ipinabugbog niya ito, ikinadena ang mga paa't kamay, at ipinabilanggo sa itaas ng Pintuan ni Benjamin, na nasa hilagang bakuran ng templo.

[3]Kinaumagahan, nang siya'y pakalagan na ni Pashur, sinabi ni Jeremias sa kanya, "Hindi na Pashur ang tawag sa iyo ni Yahweh kundi Takot sa Lahat ng Dako.

[4]Sapagkat ang sabi ni Yahweh: 'Gagawin kitang katatakutan ng iyong sarili at ng mga kaibigan mo. Makikita mo ang pagkamatay nilang lahat sa tabak ng kaaway. Ipapailalim ko ang lahat ng taga-Juda sa kapangyarihan ng hari ng Babilonia; ang iba'y dadalhin niyang bihag sa Babilonia at ipapapatay naman ang iba.

[5]Pababayaan ko ring makuha ng mga kaaway ang lahat ng kayamanan sa lunsod na ito, at kamkamin ang lahat ninyong ari-arian, pati ang mga kayamanan ng mga hari ng Juda. Dadalhin nila sa Babilonia ang lahat ng maaaring pakinabangan.

[6]Ikaw naman, Pashur, at ang iyong buong sambahayan ay mabibihag at dadalhin sa Babilonia. Doon na kayo mamamatay at malilibing, kasama ng inyong mga kaibigan na pinagsabihan mo ng mga kasinungalingan.'"

### Si Jeremias ay Dumaing kay Yahweh

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Yahweh, ako'y iyong hinikayat, at naniwala naman ako. Higit kang malakas
kaysa akin kaya ikaw ay nagwagi. Pinagkatuwaan ako ng lahat; at maghapon
nila akong pinagtatawanan.

8Tuwing ako'y magsasalita at sisigaw ng “Karahasan! Pagkawasak!”
Pinagtatawanan nila ako't hinahamak, sapagkat ipinapahayag ko ang iyong
salita.

9Ngunit kung sabihin kong, “Kalilimutan ko na si Yahweh at hindi na ako
magsasalita para sa kanyang pangalan,” para namang apoy na
naglalagablab sa aking kalooban ang iyong mga salita, apoy na nakakulong
sa aking mga buto. Sinikap kong tiisin ito, ngunit hindi ko na kayang pigilin
pa.

10Naririnig kong maraming nagbubulungan. Tinagurian nila akong “Takot sa
Lahat ng Dako.” Sinasabi nila, “Isumbong natin! Isumbong natin sa may
kapangyarihan!” Pati matatalik kong kaibiga'y naghahangad ng aking
kapahamakan. Sabi pa nila, “Marahil ay malilinlang natin siya; pagkatapos,
hulihin natin at paghigantihan.”

11Subalit ikaw, Yahweh, ay nasa panig ko, tulad sa malakas at
makapangyarihang mandirigma; mabibigo ang lahat ng umuusig sa akin,
mapapahiya sila at hindi magtatagumpay kailanman. Hindi na makakalimutan
ang kanilang kahihiyan habang panahon.

12Makatarungan ka kung sumubok sa mga tao, Yahweh, na
Makapangyarihan sa lahat, alam mo ang laman ng kanilang mga puso't isip.
Kaya ikaw ang maghiganti sa mga kaaway ko, ipinagkakatiwala ko sa mga
kamay mo ang aking kapakanan.

13Awitan ninyo si Yahweh, siya'y inyong papurihan, sapagkat inililigtas niya
ang mga api mula sa kamay ng mga gumagawa ng kasamaan.

14Sumpain nawa ang araw nang ako'y isilang! Huwag ninyong ituring na araw
na pinagpala ang araw nang ako'y ipanganak!

15Sumpain nawa ang taong nagbalita sa aking ama, “Lalaki ang anak ninyo!”
na nagdulot sa kanya ng malaking kagalakan.

16Matulad nawa ang taong iyon sa mga lunsod na winasak ni Yahweh nang
walang awa. Makarinig nawa siya ng iyakan sa umaga, at hiyawan naman sa
tanghali;

17sapagkat hindi niya ako pinatay bago ako isinilang. Sa gayon, naging
libingan ko sana ang tiyan ng aking ina.

18Bakit pa ako isinilang kung ang mararanasan ko lamang ay hirap,
kalungkutan at kahihiyan habang ako'y nabubuhay?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Jeremias 21

### Hinulaan ang Pagbagsak ng Jerusalem

1Sina Pashur na anak ni Malchias, at ang paring si Zefanias na anak naman ni Maaseias, ay pinapunta ni Haring Zedekias kay Jeremias upang

2ipakiusap kay Yahweh ang binabalak ni Haring Nebucadnezar na pakikipagdigma sa kanila. Sabi pa nila, "Marahil ay gagawa ng isang kamangha-manghang bagay si Yahweh, gaya ng ginawa niya noong unang panahon, upang hindi na ituloy ni Nebucadnezar ang kanyang balak na pagsalakay."

3Ganito ang sinabi ni Yahweh kay Jeremias bilang tugon sa kanila:

4"Sabihin mo kay Zedekias na ito ang ipinapasabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel: Itataboy kong pabalik ang mga kawal na pinahaharap mo sa hari ng Babilonia at sa kanyang hukbo na ngayo'y nakapaligid sa inyo. Kukunin ko ang kanilang mga sandata at ibubunton ko sa gitna ng lunsod na ito.

5Ako mismo ang lalaban sa inyo dahil sa tindi ng aking galit at poot na parang apoy na naglalagablab. Ang buong lakas ko'y gagamitin ko laban sa inyo.

6Pupuksain ko ang lahat ng naninirahan sa lunsod, maging tao o hayop; mamamatay sila sa matinding salot.

7Pagkatapos, si Haring Zedekias ng Juda, ang kanyang mga tauhan at nasasakupan, at lahat ng nasa lunsod na nakaligtas sa labanan, sa salot, at sa gutom, ay ibibigay ko naman sa kamay ni Nebucadnezar, hari ng Babilonia, at ng iba pa nilang kaaway. Papatayin silang lahat, at walang sinumang makakaligtas. Hindi niya sila kahahabagan kahit kaunti man. Ako, si Yahweh, ang maysabi nito.

8"Sabihin mo sa bayang ito ang ipinapasabi ni Yahweh: Narito ang buhay at ang kamatayan. Mamili kayo sa dalawa.

9Ang mananatili sa lunsod na ito ay mamamatay sa labanan, sa gutom o sa salot; ngunit ang susuko sa mga taga-Babilonia na sumasalakay na ngayon sa inyo ay hindi mamamatay. Maililigtas nila ang kanilang sariling buhay.

10Nakapagpasya na akong wasakin ang lunsod na ito; ito'y sasakupin at susunugin ng hari ng Babilonia.

### Ang Kahatulan sa mga Namumuno sa Juda

11"Sabihin mo sa angkan ng mga hari ng Juda: Pakinggan ninyo ang sinasabi ni Yahweh.

12Sa buong angkan ni David, ito ang sabi ni Yahweh sa inyo: Pairalin ninyo ang katarungan araw-araw. Iligtas ninyo sa kamay ng mapang-api ang mga

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

dukha; kung hindi, mag-aalab laban sa inyo ang aking poot, parang apoy na hindi maaapula dahil sa inyong masasamang gawa.

13Ikaw, Jerusalem, nakatayo ka sa itaas ng mga libis, parang batong namumukod sa gitna ng kapatagan. Ngunit kakalabanin kita. Sinasabi mong walang makakadaig sa iyo; walang makakapasok sa iyong mga kuta.

14Paparusahan kita ayon sa iyong masasamang gawa. Susunugin ko ang iyong palasyo at lalaganap ang apoy sa buong paligid at tutupukin nito ang lahat ng naroon. Akong si Yahweh ang maysabi nito."

## Jeremias 22

### agubilin sa mga Namumuno sa Juda

1Pinapunta ako ni Yahweh sa palasyo ng hari ng Juda at

2ipinasabi niya sa hari, sa mga lingkod nito, at sa lahat ng taga-Jerusalem:

3"Pairalin ninyo ang katarungan at katuwiran. Ipagtanggol ninyo ang mga naaapi laban sa mapagsamantala. Huwag ninyong sasaktan o aapihin ang mga dayuhan, mga ulila, at mga balo. Huwag kayong papatay ng mga taong walang kasalanan sa banal na lunsod na ito.

4Kung susundin ninyo ang mga utos ko, mananatili ang paghahari ng angkan ni David. At papasok silang nakasakay sa mga karwahe at mga kabayo, kasama ang kanilang mga tauhan at nasasakupan.

5Subalit kung hindi kayo makikinig sa sinasabi ko, isinusumpa ko na aking wawasakin ang palasyong ito.

6Ganito ang sabi ni Yahweh tungkol sa palasyo ng hari ng Juda: "Ang palasyong ito'y singganda ng lupain ng Gilead, at nakakatulad ng Bundok ng Lebanon. Ngunit isinusumpa ko na gagawin ko itong isang disyerto, isang lunsod na walang mananahan.

7Magpapadala ako ng mga wawasak dito; may dalang palakol ang bawat isa. Puputulin nila ang mga haliging sedar nito at ihahagis sa apoy.

8"Magtatanungan ang mga taong magdaraan dito mula sa iba't ibang bansa, 'Bakit ganyan ang ginawa ni Yahweh sa dakilang lunsod na ito?'

9At ang isasagot sa kanila, 'Sapagkat hindi nila tinupad ang kasunduan nila ni Yahweh na kanilang Diyos; sa halip, sumamba sila at naglingkod sa mga diyus-diyosan.'"

### Ang Pahayag tungkol kay Sallum

10Huwag ninyong iyakan ang isang taong patay, o ikalungkot ang kanyang kamatayan. Sa halip, tangisan ninyo si Sallum, sapagkat siya'y dinalang-

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

bihag, at hindi na magbabalik. Hindi na niya makikita pa ang lupang kanyang sinilangan.

11Ito ang pahayag ni Yahweh tungkol kay Sallum na humalili sa kanyang amang si Josias bilang hari ng Juda, “Umalis siya ng Juda at hindi na magbabalik.

12Doon na siya mamamatay sa lugar na pinagdalhan sa kanya bilang bihag, at hindi na niya makikita pang muli ang kanyang bayan.”

**Ang Pahayag tungkol kay Jehoiakim**

13“Kahabag-habag ang magiging wakas ng taong nagtatayo ng kanyang bahay sa pamamagitan ng pandaraya, at naglalagay ng mga silid dito sa pamamagitan ng panlilinlang. Pinagtatrabaho niya ang kanyang kapwa nang walang kabayaran.

14Sinasabi pa niya, ‘Magtatayo ako ng malaking bahay na may malalaking silid sa itaas. Lalagyan ko ito ng mga bintana, tablang sedar ang mga dingding, at pipinturahan ko ng kulay pula.’

15Kung gumamit ka ba ng sedar sa iyong bahay, ikaw ba'y isa nang haring maituturing? Alalahanin mo ang iyong ama; siya'y kumain at uminom, naging makatarungan siya at matuwid; kaya siya'y namuhay na tiwasay.

16Tinulungan niya ang mga dukha at nangangailangan, kaya pinagpala siya sa lahat ng bagay. Pinatunayan niyang ako'y kanyang nakikilala.

17Subalit kayo, wala kayong iniisip kundi ang sariling kapakanan. Pumapatay kayo ng taong walang kasalanan, at pinagmamalupitan ang mga tao.” Ito ang sabi ni Yahweh.

18Kaya ganito ang sabi ni Yahweh tungkol kay Jehoiakim, anak ni Haring Josias ng Juda: “Walang tatangis sa kanyang pagpanaw o magsasabing, ‘Mahal kong kapatid! O, ang kapatid ko!’ Wala ring tatangis para sa kanya, at sisigaw ng, ‘O, panginoon! O aking hari!’

19Ililibing siyang tulad sa isang patay na asno; kakaladkarin at ihahagis sa labas ng pintuang-bayan ng Jerusalem.”

**Ang Pahayag tungkol sa Sasapitin ng Jerusalem**

20Umakyat kayo sa Lebanon at humiyaw, sumigaw kayo hanggang sa marinig sa Bashan ang inyong tinig. Kayo'y manangis mula sa tuktok ng Bundok Abarim, sapagkat nilipol nang lahat ang kapanalig ninyo.

21Nagsalita ako sa inyo noong kayo'y masagana, subalit hindi kayo nakinig. Ganyan na ang ugali ninyo mula pa sa inyong kabataan; kahit minsan ay hindi kayo sumunod sa akin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Tatangayin ng malakas na hangin ang inyong mga pinuno; mabibihag ang lahat ng nagmamahal sa inyo. Wawasakin ang lunsod ninyo at kayo'y mapapahiya dahil sa inyong masasamang gawa.

23Kayong nakatira sa mga bahay na yari sa sedar buhat sa Lebanon, kaawa-awa kayo sa hirap na daranasin ninyo pagdating ng panahon, gaya ng hirap ng babaing manganganak!

### Ang Kahatulan ni Yahweh kay Jehoiakin

24Sinabi ni Yahweh, "Kung ikaw man, Conias, anak ni Haring Jehoiakim ng Juda, ay naging singsing na aking pantatak, huhugutin kita sa aking daliri.

25Ibibigay kita sa kamay ng mga ibig pumatay sa iyo, sa mga taong iyong kinatatakutan, kay Haring Nebucadnezar ng Babilonia at sa kanyang mga sundalo.

26Itatapon ko kayong mag-ina sa isang lupaing malayo sa lupang sinilangan mo. Doon na kayo mamamatay.

27At hindi na kayo makakabalik sa sariling bayan na nais ninyong makitang muli."

28Ito bang si Conias ay tulad sa isang bangang itinakwil, basag, at walang ibig umangkin? Bakit siya itinapon, pati ang kanyang mga anak, sa isang bansang wala silang nalalaman?

29O aking bayan! Pakinggan ninyo ang mensahe ni Yahweh!

30Ganito ang sinasabi niya: "Isulat mo tungkol sa lalaking ito na siya'y hinatulang mawawalan ng anak, na hindi magtatagumpay sa kanyang buhay, sapagkat wala siyang anak na hahalili sa trono ni David at maghaharing muli sa Juda."

## Jeremias 23

### Ang Pag-asang Darating

1Paparusahan ni Yahweh ang mga namumunong walang malasakit sa kanilang mga nasasakupan at pinababayaang ang mga ito ay magkawatak-watak at mamatay.

2Ito ang sabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, tungkol sa mga pinunong nangangalaga sa kanyang bayan: "Pinapangalat ninyo at ipinagtabuyan ang aking kawan. Hindi ninyo sila binantayan kaya kayo'y paparusahan ko dahil sa inyong ginawang ito.

3Ako na ang magtitipon sa mga nalabi sa aking mga tupa mula sa lahat ng lupaing pinagtapunan ko sa kanila. Ibabalik ko sila sa kanilang tinubuang lupa, at sila'y muling darami.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[4]Hihirang ako ng mga tagapangunang magmamalasakit at mangangalaga sa kanila. Hindi na sila muli pang daranas ng takot at pag-aalala, at wala nang maliligaw kahit isa. Akong si Yahweh ang maysabi nito."

[5]"Nalalapit na ang araw," sabi ni Yahweh, "na pipili ako ng isang matuwid na Sanga na magmumula sa lahi ni David, isang hari na mamamahala ng buong karunungan. Paiiralin niya sa buong lupain ang katarungan at katuwiran.

[6]Magiging ligtas ang Juda sa panahon ng kanyang pamamahala, at ang Israel ay mapayapang mamumuhay. Ito ang pangalang itatawag sa kanya: 'Si Yahweh ang ating katuwiran.'"

[7]Ang sabi ni Yahweh, "Tiyak na darating ang panahon na ang mga tao'y hindi na manunumpa nang ganito: 'Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy na nagpalaya sa Israel mula sa Egipto.'

[8]At sa halip, sasabihin nila, 'Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy na nagpalaya at nanguna sa mga Israelita mula sa lupain sa hilaga at sa lahat ng lupaing pinagtapunan ko sa kanila. Babalik sila sa sariling lupa at doon muling mamumuhay.'"

**Pagtuligsa sa mga Propetang Sinungaling**

[9]Tungkol sa mga bulaang propeta, ito ang pahayag ni Jeremias: Halos madurog ang puso ko, nanginginig ang aking buong katawan; para akong isang lasing, na nasobrahan sa alak, dahil sa matinding takot kay Yahweh at sa kanyang mga banal na salita.

[10]Sapagkat napakaraming tao sa lupaing ito ang hindi tapat kay Yahweh; ginagamit nila ang kanilang kapangyarihan sa pagpapairal ng masama. Dahil sa kanyang sumpa, nagluksa ang buong lupain at natuyo ang mga pastulan.

[11]"Wala nang takot sa akin ang mga propeta at ang mga pari; gumagawa sila ng kasamaan maging sa loob ng aking Templo," ang sabi ni Yahweh.

[12]"Kaya magiging madulas at madilim ang kanilang landas; sila'y madarapa at mabubuwal. Padadalhan ko sila ng kapahamakan; at malapit na ang araw ng kanilang kaparusahan." Ito ang sabi ni Yahweh.

[13]"Malaking kasalanan ang nakita kong ginagawa ng mga propeta sa Samaria: Sila'y nanghuhula sa pangalan ni Baal at iniliiligaw ang Israel na aking bayan.

[14]Ngunit mas lalo pang kasuklam-suklam ang namasdan ko sa mga propeta sa Jerusalem: Sila'y nangangalunya at mga sinungaling, pinapalakas pa nila ang loob ng gumagawa ng masama, kaya wala nang tumatalikod sa kanyang masamang gawa. Naging katulad na sila ng mga taga-Sodoma at Gomorra."

[15]Kaya ganito ang sinasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat tungkol sa mga propeta: "Halamang mapait ang ipapakain ko sa kanila at tubig na

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

may lason naman ang kanilang iinumin, sapagkat lumaganap na sa buong lupain ang kawalan ng pagkilala sa Diyos, dahil sa mga propeta sa Jerusalem."

16Ganito ang sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: "Huwag ninyong papakinggan ang mga propetang nagpapahayag sa inyo. Pawang kasinungalingan lamang ang sinasabi nila. Ang mga pangitaing kanilang sinasabi ay kathang-isip lamang nila at hindi nagmula sa akin.

17Palagi nilang sinasabi sa mga taong ayaw makinig sa akin, 'Magiging mabuti ang inyong kalagayan'; at sa mga ayaw tumalikod sa kasalanan, 'Hindi ka daranas ng anumang kahirapan.'"

18Subalit isa man sa mga propetang ito'y hindi nakakakilala kay Yahweh. Wala man lamang nakarinig sa kanyang pahayag o sumunod sa kanyang utos.

19Ang poot ni Yahweh ay parang bagyong nagngangalit, parang nag-aalimpuyong ipu-ipo na kanyang pababagsakin sa masasama.

20Hindi maaalis ang poot ni Yahweh hanggang hindi niya naisasakatuparan at nagaganap ang kanyang mahiwagang panukala. Sa mga huling araw ay mauunawaan ninyo ito.

21Sinabi ni Yahweh, "Hindi ko sinugo ang mga propetang iyan, lumakad sila nang hindi ko inuutusan. Nagpahayag sila sa aking pangalan, gayong wala naman akong sinabi sa kanila.

22Kung tunay nilang natutuhan ang aking mga salita, maipapangaral nila ang aking mensahe sa mga tao at sila'y magsisi at tatalikod sa kanilang masasamang gawa.

23"Ako ay Diyos na nasa lahat ng dako, at hindi nananatili sa iisang lugar lamang.

24Walang makakapagtago sa akin; makikita ko siya kahit saan siya pumunta. Sapagkat ako'y nasa lahat ng lugar sa langit at sa lupa.

25Alam ko ang ginagawa ng mga propetang sinungaling; ginagamit nila ang aking pangalan at ipinamamalitang binigyan ko sila ng pangitain!

26Kailan pa ba magbabago ang mga propetang ito na nangangaral ng kasinungalingan at nagpapahayag ng pandaraya ng kanilang mga puso?

27Akala nila'y malilimot ako ng aking bayan dahil sa mga pangitaing sinasabi nila, gaya ng paglimot sa akin ng kanilang mga ninuno at naglingkod kay Baal.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

28Kung nanaginip ang isang propeta, dapat niyang sabihing ito'y panaginip lamang; ngunit kung narinig niya ang aking salita, ipahayag niya ito nang buong katapatan. Ano ang kaugnayan ng ipa sa trigo?" sabi ni Yahweh.

29"Parang apoy ang aking salita at katulad ng martilyo na dumudurog sa malaking bato.

30Ako'y laban sa mga propetang gumagamit ng salita ng ibang propeta at sinasabing iyon ang aking mensahe.

31Ako'y laban sa mga propetang kumakatha ng sariling salita at pagkatapos ay sasabihing galing iyon kay Yahweh.

32Ako'y laban sa mga propetang nagsasalaysay ng kasinungalingan upang dayain ang aking bayan. Hindi ko sila sinugo at wala silang kabutihang magagawa sa bayang ito."

**Ang Pasanin ni Yahweh**

33Sinabi ni Yahweh kay Jeremias, "Kung tanungin ka ng mga taong ito o ng isang propeta o pari, 'Ano ang ipinapasabi ni Yahweh?' ganito ang isagot mo, 'Kayo ang nagiging pabigat kay Yahweh, kaya kayo'y itatakwil niya.'

34Ang bawat propeta, pari o sinumang magsalita ng, 'Ang nakakabigat kay Yahweh,' ay paparusahan ko, pati ang kanyang sambahayan.

35Ang sasabihin ninyo sa isa't isa, 'Ano ang sagot ni Yahweh?' o kaya, 'Ano ang sabi ni Yahweh?'

36Ngunit huwag na ninyong sasabihin kahit kailan ang, 'Ito ang nakakabigat kay Yahweh.' Mabibigatan talaga ang sinumang gagamit ng mga salitang ito, sapagkat binabaluktot niya ang salita ng kanyang Diyos, ang Diyos na buháy, ang Makapangyarihan sa lahat, si Yahweh.

37Ganito ang sasabihin ninyo kung kinakausap ninyo ang isang propeta: 'Ano ang sagot ni Yahweh?' o kaya, 'Ano ang sabi ni Yahweh?'

38Ngunit kapag ginamit pa ninyo ang mga salitang, 'Ito ang nakakabigat kay Yahweh,' matapos kong ipagbawal ang paggamit niyon,

39kayo'y ituturing ko ngang pasaning nakakabigat, at itatapon sa malayo, kayo at ang lunsod na ibinigay ko sa inyo at sa inyong mga ninuno.

40Ilalagay ko kayo sa kahiya-hiyang kalagayan na hindi ninyo malilimutan habang buhay, at kayo ay hahamakin habang panahon."

## Jeremias 24

**Aral mula sa Mabuti at sa Masamang Igos**

1Pagkatapos gapiin at dalhing-bihag sa Babilonia ng Haring Nebucadnezar si Haring Jeconias na anak ni Jehoiakim, kasama ang mga pinuno,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

mahuhusay na manggagawa at mga panday ng Juda mula Jerusalem patungong Babilonia, ipinakita sa akin ni Yahweh ang dalawang basket ng igos sa harap ng Templo ni Yahweh sa isang pangitain.

2Napakaganda ng mga igos sa unang basket, mga unang nahinog na bunga; ngunit napakasasama naman ng igos na nasa pangalawang basket, at hindi na maaaring kainin.

3At tinanong ako ni Yahweh, “Jeremias, ano ang nakikita mo?” Sumagot ako, “Mga igos po; napakagaganda ng nasa unang basket, ngunit napakasasama ng nasa isang basket at hindi na maaaring kainin.”

4Pagkatapos ay sinabi sa akin ni Yahweh,

5“Akong si Yahweh, ang Diyos ng Israel, ang nagsasabi: Katulad ng mabubuting igos na iyan, ang mga taga-Juda na dinalang-bihag sa Babilonia ay itinuturing kong mabubuting tao.

6Pangangalagaan ko sila at ibabalik balang araw sa kanilang lupain. Patatatagin ko sila at hindi lilipulin; itatanim at hindi bubunutin.

7Makikilala nila na ako si Yahweh; sila'y magiging aking bayan at ako ang magiging kanilang Diyos, sapagkat buong puso silang magbabalik-loob sa akin.

8“Ngunit kung paanong hindi makain ang napakasasamang igos,” sabi ni Yahweh, “gayon din ang gagawin ko kay Haring Zedekias ng Juda, sa kanyang mga pinuno, at sa mga natira sa Jerusalem na nananatili sa lupaing ito, pati ang mga nanirahan sa Egipto.

9Sila'y katatakutan sa lahat ng kaharian sa sanlibutan. Hahamakin sila, at ang pangalan nila'y magiging bukambibig sa pag-alipusta at pagsumpa kahit saan sila mapunta.

10Daranas sila ng digmaan, taggutom, at salot hanggang sa lubusan silang mawala sa balat ng lupa, sa lupaing ibinigay ko sa kanila at sa mga ninuno nila.”

# Jeremias 25

### Pitumpung Taon ng Pagkaalipin sa Babilonia

1Ito ang pahayag na tinanggap ni Jeremias tungkol sa mga taga-Juda, noong ikaapat na taon ng paghahari ni Jehoiakim, anak ni Josias ng Juda, at unang taon naman ng paghahari ni Nebucadnezar sa Babilonia.

2Ganito ang sinabi ni Propeta Jeremias sa lahat ng mga taga-Juda at mga naninirahan sa Jerusalem:

3“Sa loob ng dalawampu't tatlong taon, mula pa noong ika-13 taon ng paghahari sa Juda ni Josias na anak ni Ammon hanggang ngayon, patuloy

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

kong sinasabi sa inyo ang mga ipinahayag ni Yahweh, subalit ayaw ninyong pakinggan.

4Hindi ninyo pinansin o pinakinggan ang mga propetang sinugo niya.

5Sinabi nila na talikuran na ninyo ang masama ninyong pamumuhay at likong gawain, upang sa gayo'y mananatili kayo habang panahon sa lupaing ibinigay sa inyo ni Yahweh at sa inyong mga magulang.

6Sinabi nilang huwag kayong sasamba at maglilingkod sa mga diyus-diyosan; huwag ninyong pag-aalabin ang poot ni Yahweh dahil sa pagsamba ninyo sa mga diyus-diyosang nililok ng kamay. Kung sumunod lamang kayo sa kanya, sana'y hindi niya kayo pinarusahan.

7Ngunit hindi kayo nakinig kay Yahweh; ginalit ninyo siya dahil sinamba ninyo ang mga diyus-diyosang inyong ginawa. Kaya naman naganap sa inyo ang kapahamakang ito.

8"Kaya ito ang sabi sa inyo ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: Dahil sa hindi ninyo pagsunod sa aking mga salita,

9tatawagin ko ang mga bansang nasa hilaga, pati ang aking lingkod na si Haring Nebucadnezar ng Babilonia. Sasalakayin nila ang bansang ito, at lahat ng bansang nasa paligid. Wawasakin ko nang lubusan ang mga ito, at kasisindakan ng lahat ang kanilang sinapit. Hahamakin sila ng makakakita sa kanila at mananatiling wasak ang lupain habang panahon.

10Patatahimikin ko ang himig ng kagalakan at katuwaan. Hindi na rin maririnig ang masasayang tinig ng mga ikakasal. Hindi na maririnig ang ingay ng gilingan. At maglalaho rin ang liwanag ng mga ilawan.

11Madudurog ang buong lupain at walang mapapakinabangan. Ang kanyang mga mamamayan ay aalipinin ng hari ng Babilonia sa loob ng pitumpung taon.

12Pagkaraan ng pitumpung taon, paparusahan ko naman ang hari ng Babilonia, at ang kanyang mga mamamayan, dahil sa kanilang kasamaan; ibabagsak ko ang bansang iyon at hindi na makakabangon kailanman.

13Magaganap sa bansang iyon ang lahat ng sinabi ko laban sa kanila; lahat ng nasusulat sa aklat na ito, na ipinahayag ni Jeremias laban sa lahat ng bansa.

14Gagawin silang mga alipin ng maraming bansa at mga tanyag na hari; gagantihan ko sila ayon sa kanilang mga ginawa."

### Ang Matinding Poot ni Yahweh

15Ito ang mga sinabi sa akin ni Yahweh, ang Diyos ng Israel: "Kunin mo sa kamay ko ang kopang ito na punô ng alak ng kapootan, at ipainom mo sa lahat ng bansang papupuntahan ko sa iyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Iinumin nila ito, sila'y malalasing at mababaliw sa tindi ng parusang ipadadala ko sa kanila.”

17Kaya kinuha ko ang kopa sa kamay ni Yahweh, at ipinainom sa lahat ng bansang pinapuntahan niya sa akin.

18Pinainom ko ang Jerusalem at ang mga lunsod ng Juda, kasama ng kanilang mga hari at mga pinuno, upang sila'y mawasak nang lubusan at maging nakakatakot pagmasdan. Sila'y kukutyain at ang mga pangalan nila'y gagamiting pansumpa. Nanatili silang gayon hanggang ngayon.

19Pinainom ko rin ang Faraon, hari ng Egipto, pati kanyang mga lingkod at pinuno, lahat ng kanyang nasasakupan,

20at ang mga dayuhang nakikipamayan sa kanila; gayon din ang lahat ng hari sa lupain ng Uz, at lahat ng hari sa lupain ng mga Filisteo na taga-Ascalon, Gaza, Ekron at ang natira sa Asdod;

21ang Edom, Moab, at ang mga anak ni Ammon;

22lahat ng hari sa Tiro, sa Sidon, at sa mga pulo sa ibayong-dagat;

23sa mga Lunsod ng Dedan, Tema, Buz, at lahat ng nagpaputol ng kanilang buhok;

24lahat ng hari sa Arabia at ng magkakahalong liping nasa disyerto;

25lahat ng hari ng Zimri, ng Elam at ng Media,

26lahat ng hari sa hilaga, malayo man o malapit, at lahat ng kaharian sa ibabaw ng lupa. Pagkatapos nilang lahat, ang hari ng Babilonia ang huling iinom sa kopang ito.

27Pagkatapos, sinabi sa akin ni Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel: “Sabihin mo sa mga tao: ‘Uminom kayo at magpakalasing hanggang sa kayo'y magkandasuka; mabubuwal kayo at hindi na makakabangon, sapagkat dumarating na ang digmaang padala ko sa inyo.’

28Kapag tinanggihan nila ang hawak mong alak, sasabihin mo sa kanila: ‘Sinasabi ni Yahweh na kailangang inumin ninyo ito.

29Una kong paparusahan ang lunsod na tinawag sa aking pangalan; at paano kayo makakaligtas sa parusa? Hindi kayo makakaligtas sa parusa sapagkat padadalhan ko ng digmaan ang lahat ng naninirahan sa lupa. Akong si Yahweh ang nagsasabi nito.’

30“Kaya sabihin mo sa kanila ang lahat ng aking sinabi: ‘Si Yahweh ay magsasalita mula sa kaitaasan, mula sa kanyang banal na tahanan; dadagundong ang kanyang tinig sa kalangitan, at aalingawngaw sa buong daigdig gaya ng sigawan ng mga lalaking gumagawa sa pisaan ng ubas.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

31Ang ingay ay aabot sa lahat ng panig ng sanlibutan. Sapagkat hahatulan niya ang mga bansa, gayon din ang buong sangkatauhan; ang masasama ay kanyang lilipulin. Ito ang sabi ni Yahweh.'"

32Ganito ang sinasabi ni Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat: "Ang sakuna ay lumalaganap na sa bawat bansa, parang malakas na bagyong dumarating mula sa pinakamalayong panig ng sanlibutan.

33Sa araw na yaon, ang buong daigdig ay mapupuno ng bangkay ng mga pinatay ni Yahweh. Hindi na sila tatangisan, titipunin, o ililibing; magiging dumi na lamang sila sa ibabaw ng lupa!"

34Tumangis kayo, mga pastol, umiyak kayo nang malakas! Maglagay kayo ng abo sa inyong ulo, kayong tagapag-alaga ng kawan. Oras na ng pagtungo ninyo sa patayan, at papatayin din kayong gaya ng mga tupa.

35Walang matatakbuhan ang mga pastol; hindi makakatakas ang mga tagapag-alaga ng kawan.

36Pakinggan ninyo ang iyakan ng mga pastol, at ang panangisan ng mga tagapag-alaga ng kawan. Sinasalakay na ni Yahweh ang dating matiwasay na pastulan.

37Ang lahat ng tupa sa kawan ay pinuksa dahil sa matinding poot ni Yahweh.

38Iniwan niya ang kanyang bayan, gaya ng isang leon na umalis sa kanyang yungib. Naging ilang ang lupain dahil sa digmaan at matinding poot ni Yahweh.

## Jeremias 26

### Binantaang Patayin si Jeremias

1Nang pasimula ng paghahari sa Juda ni Jehoiakim na anak ni Josias, tumanggap si Jeremias ng pahayag mula kay Yahweh:

2"Tumayo ka sa bulwagan ng templo at sabihin mo sa lahat ng tao mula sa mga lunsod ng Juda na naroon upang sumamba kay Yahweh ang lahat ng iniuutos ko sa iyo. Huwag kang maglilihim ng anuman.

3Baka sakaling sila'y makinig at tumalikod sa kanilang masamang pamumuhay. Kung magkagayon, baka magbago ang aking isip at hindi ko na itutuloy ang parusang inihahanda ko dahil sa kanilang masasamang gawa.

4"Sabihin mo sa kanila, 'Sinasabi ni Yahweh: Kung hindi kayo makikinig sa akin, at kung hindi ninyo susundin ang aking mga utos na inihanda ko para sa inyo,

5at hindi ninyo papakinggan ang sinasabi ng propetang sinugo ko sa inyo,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6ang templong ito'y itutulad ko sa Shilo, at gagamitin ng mga bansa ang
pangalan ng lunsod na ito sa panlalait.'"

7Ang pahayag na ito ni Jeremias ay napakinggan ng mga pari, ng mga
propeta, at ng lahat ng taong nasa Templo ni Yahweh.

8Pagkatapos niyang magsalita, si Jeremias ay dinakip nila at nagsigawan ng,
"Dapat kang mamatay!

9Bakit nagpahayag ka sa pangalan ni Yahweh na matutulad sa Shilo ang
Templong ito, mawawasak ang lunsod, at walang matitirang sinuman?" At
siya'y pinaligiran ng mga tao.

10Nang mabalitaan ito ng mga pinuno sa Juda, sila'y madaling nagtungo sa
Templo mula sa palasyo at naupo sa kanilang mga upuan sa may pagpasok
ng Bagong Pintuan ng Templo.

11Pagkatapos ay sinabi ng mga pari at ng mga propeta sa mga pinuno at sa
buong bayan, "Dapat lang na mamatay ang taong ito sapagkat nagpahayag
siya laban sa lunsod, gaya ng narinig ninyo."

12Sinabi naman ni Jeremias sa mga pinuno at mga taong naroon, "Sinugo
ako ni Yahweh upang magpahayag laban sa Templong ito at laban sa lunsod,
gaya ng narinig na ninyo.

13Kaya nga, magbago kayo ng inyong pamumuhay at mga gawain, at sundin
ninyo ang utos ni Yahweh na inyong Diyos. Sa gayon, magbabago siya ng
isip at hindi na itutuloy ang parusang inilalaan laban sa inyo.

14Ako ay nasa ilalim ng kapangyarihan ninyo; maaari ninyong gawin ang
anumang iniisip ninyong matuwid at makatarungan.

15Ngunit ito ang inyong tandaan: Kapag ako'y pinatay ninyo, pumatay kayo
ng taong walang kasalanan; at ito'y magiging sumpa sa inyo at sa lunsod na
ito, pati sa lahat ng naninirahan dito, sapagkat alam ninyong sinugo ako ni
Yahweh upang sabihin sa inyo ang mga bagay na ito."

16Nang makapagsalita si Jeremias, sinabi ng mga pinuno at lahat ng tao sa
mga pari at mga propeta, "Hindi dapat hatulan ng kamatayan ang taong ito
sapagkat ipinahayag niya sa atin ang ipinapasabi ni Yahweh."

17Tumayo ang ilang matatanda sa lupain at sinabi sa mga taong naroon,

18"Si Mikas na taga-Moreset ay nagpahayag noong panahon ni Haring
Hezekias ng Juda; sinabi niya sa lahat ng naninirahan sa Juda ang pahayag
na ito ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: 'Ang Zion ay bubungkaling
tulad ng isang bukirin, magiging isang bunton ng gumuhong bato ang
Jerusalem, at ang burol na kinatatayuan ng Templo'y magiging gubat.'

19Pinatay ba ni Haring Hezekias at ng lahat ng taga-Juda si Mikas? Hindi! Sa
halip, natakot ang hari at nagmakaawa kay Yahweh. Nagbago naman ang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

isip ni Yahweh at hindi na itinuloy ang parusang ipapataw sa kanila. Ngunit tayo mismo ang naghahatid ng malaking kapahamakan sa ating sarili.”

20 May isa pang lalaking nagpahayag sa pangalan ni Yahweh; siya si Urias, anak ni Semaya na taga-Lunsod ng Jearim. Nagpahayag siya laban sa lunsod na ito at sa lupaing ito, kagaya rin ng sinabi ni Jeremias.

21 Nang ito'y marinig ni Haring Jehoiakim at ng kanyang mga kawal at mga pinuno, binalak ng haring ipapatay siya. Ngunit nang malaman ni Urias ang gagawin sa kanya, tumakas siya patungong Egipto dahil sa malaking takot.

22 Kaya sinugo ni Haring Jehoiakim sa Egipto si Elnatan na anak ni Acbor at ilan pang kasama nito.

23 Kinuha nila sa Egipto si Urias, dinala sa harapan ni Haring Jehoiakim at pinatay sa pamamagitan ng tabak saka inihagis ang kanyang bangkay sa libingan ng mga karaniwang tao.

24 Subalit si Jeremias ay binantayan ni Ahikam, anak ni Safan, kaya hindi siya napatay ng mga tao.

## Jeremias 27

### Nagsuot ng Pamatok si Jeremias

1 Nang pasimula ng paghahari sa Juda ni Zedekias na anak ni Josias, sinabi ni Yahweh kay Jeremias:

2 “Gumawa ka ng pamatok at lubid at ilagay mo sa iyong batok.

3 Pagkatapos, magpadala ka ng mensahe sa mga hari ng Edom, Moab, Ammon, Tiro at Sidon, sa pamamagitan ng kanilang mga sugo na ngayon ay nasa Jerusalem upang makipag-usap kay Haring Zedekias.

4 Sabihin mo sa kanila na ganito ang ipinapasabi ni Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel, sa kanilang mga hari:

5 ‘Ako ang lumikha sa lupa, sa mga tao, at sa mga hayop na naroon, sa pamamagitan ng aking kapangyarihan. Ibinibigay ko ito sa sinumang aking kinalulugdan.

6 Ang lahat ng lupaing ito'y ipinasiya kong ibigay kay Haring Nebucadnezar ng Babilonia na aking lingkod. Ibinigay ko rin ang mga hayop sa parang upang maglingkod sa kanya.

7 Lahat ng bansa'y maglilingkod sa kanya, sa kanyang mga anak at mga apo, hanggang sa bumagsak ang kanyang kaharian. Pagdating ng panahong iyon, ang kaharian naman niya ang aalipinin ng mga hari at bansang makapangyarihan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[8]"'Ngunit ang alinmang bansa o kaharian na hindi maglilingkod kay Haring Nebucadnezar ng Babilonia at hindi papailalim sa kanyang pamamahala ay paparusahan ko sa pamamagitan ng digmaan, taggutom at salot, hanggang sa ganap silang mapailalim sa kanyang kapangyarihan.

[9]Kaya nga, huwag ninyong papakinggan ang inyong mga propeta, mga manghuhula, mga tumatawag sa espiritu ng mga patay, mga nagpapaliwanag ng mga panaginip, at mga manggagaway kapag pinipigil nila kayo na maglingkod sa hari ng Babilonia.

[10]Kasinungalingan ang kanilang sinasabi sa inyo at ito ang magiging dahilan upang mapatapon kayo sa malayong lupain. Kayo'y itataboy ko, at mapapahamak kayong lahat.

[11]Subalit kung ang alinmang bansa'y pasakop sa kapangyarihan ng hari ng Babilonia, pananatilihin ko sila sa kanilang bayan; bubungkalin nila ang sariling lupa at doon maninirahan.'"

[12]Ganito rin ang sinabi ko kay Haring Zedekias ng Juda: "Pasakop kayo sa kapangyarihan ng hari ng Babilonia, at paglingkuran ninyo siya at ang kanyang bayan upang kayo'y mabuhay.

[13]Kung hindi, mamamatay kayo sa digmaan at salot; ito ang parusang inilaan ni Yahweh sa alinmang bansang hindi maglilingkod sa hari ng Babilonia.

[14]Huwag kayong maniwala sa mga propetang pumipigil sa inyo na maglingkod sa hari ng Babilonia; kasinungalingan ang kanilang sinasabi sa inyo.

[15]Hindi ko sila sinugo; ginagamit lamang nila ang aking pangalan. Kaya, palalayasin ko kayo sa lupaing ito at kayo'y malilipol, pati ang mga propetang nandaya sa inyo."

[16]Sinabi ko naman sa mga pari at sa buong bayan ang ipinapasabi ni Yahweh: "Huwag ninyong papakinggan ang mga propetang nagsasabi sa inyo na ang mga kagamitan sa bahay ni Yahweh ay ibabalik mula sa Babilonia sa madaling panahon. Kasinungalingan ang sinasabi nila sa inyo.

[17]Huwag ninyo silang papakinggan; pasakop kayo sa hari ng Babilonia upang kayo'y mabuhay. Bakit kailangang mawasak ang lunsod na ito?

[18]Kung sila'y talagang mga propeta, at kung salita nga ni Yahweh ang dala nila, ipakiusap nila kay Yahweh na Makapangyarihan sa lahat na ang mga kayamanang natitira pa sa Templo, sa palasyo ng hari, at sa Jerusalem, ay huwag madala sa Babilonia.

[19]Ito ang sinasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat tungkol sa mga haligi sa Templo, sa lalagyan ng tubig na yari sa tanso at mga patungan nito, at sa iba pang kagamitang natira sa lunsod.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Ang mga ito'y hindi kinuha ni Haring Nebucadnezar nang dalhin niyang bihag sa Babilonia si Haring Jeconias na anak ni Jehoiakim ng Juda, pati ang kanyang mga pinunong nasa Juda at Jerusalem.

[21]Ganito ang sabi ni Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel tungkol sa mga kagamitang naiwan sa Templo, sa palasyo ng hari, at sa lunsod ng Jerusalem:

[22]Ang mga ito'y dadalhin sa Babilonia at mananatili roon hanggang sa araw na itinakda ko. Pagkatapos ay muli ko itong ibabalik sa kanya-kanyang lugar."

## Jeremias 28

### Si Jeremias at si Propeta Hananias

[1]Nang taon ding iyon, ikalimang buwan ng ikaapat na taon ng paghahari ni Zedekias sa Juda, si Jeremias ay kinausap sa Templo ni Hananias, anak ni Propeta Azur ng Gibeon. Sa harap ng mga pari at ng mga tao, sinabi ni Hananias:

[2]"Ito ang sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel: Winakasan ko na ang kapangyarihan ng hari ng Babilonia.

[3]Sa loob ng dalawang taon ay ibabalik ko sa Templong ito ang lahat ng kagamitan na kinuha ni Haring Nebucadnezar at dinala sa Babilonia.

[4]Ibabalik ko rin dito si Jeconias, ang anak ni Haring Jehoiakim ng Juda, at ang lahat ng mga taga-Juda na dinalang-bihag sa Babilonia; aalisin ko na kayo sa ilalim ng kapangyarihan ng hari ng Babilonia."

[5]Nagsalita naman si Propeta Jeremias kay Propeta Hananias sa harap ng mga pari at sa lahat ng mga taong naroon sa patyo ng Templo,

[6]"Amen! Ganyan nga sana ang gawin ni Yahweh! Magkatotoo nawa ang ipinahayag mo at maibalik nga sana rito ang lahat ng kagamitan ng Templo mula sa Babilonia at lahat ng mga dinalang-bihag!

[7]Ngunit pakinggan ninyo ang sasabihin ko sa inyong lahat.

[8]Ang mga propetang nauna sa atin ay nagpahayag na magkakaroon ng digmaan, taggutom at salot sa maraming bansa at sa mga kilalang kaharian.

[9]Kung magkatotoo ang pahayag ng isang propeta na magkakaroon ng kapayapaan, saka lamang natin malalamang si Yahweh nga ang nagsugo sa kanya."

[10]Pagkarinig niyon, kinuha ni Propeta Hananias ang pamatok na nasa batok ni Jeremias at binali ito.

[11]Pagkatapos, sinabi niya sa lahat ng naroon: "Sinasabi ni Yahweh na ganito ang gagawin niya sa mga pamatok na inilagay ni Haring Nebucadnezar ng

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Babilonia sa lahat ng bansa, at ito'y gagawin niya sa loob ng dalawang taon." At umalis na si Propeta Jeremias.

12Pagkalipas ng kaunting panahon mula nang baliin ni Propeta Hananias ang pamatok ni Propeta Jeremias, kinausap ni Yahweh si Jeremias:

13"Pumunta ka kay Hananias at sabihin mo: Nabali mo nga ang pamatok na kahoy ngunit papalitan ko ito ng bakal.

14Lalagyan ko ng pamatok na bakal ang lahat ng bansang ito upang sila'y maglingkod kay Haring Nebucadnezar, at ito'y siguradong magaganap sapagkat maging hayop sa parang ay ipinasakop ko sa kanya."

15At sinabi pa ni Propeta Jeremias, "Hananias, hindi ka sinugo ni Yahweh, at pinapaniwala mo ang mga taong ito sa isang kasinungalingan.

16Kaya ang sabi ni Yahweh: 'Ikaw ay mawawala sa daigdig na ito. Mamamatay ka sa taon ding ito, sapagkat tinuruan mo ang bayan na maghimagsik laban kay Yahweh!'"

17At noong ikapitong buwan ng taóng iyon, si Propeta Hananias ay namatay nga.

## Jeremias 29

### Ang Sulat ni Jeremias para sa mga Dinalang-bihag

1Nagpadala ng sulat si Propeta Jeremias mula sa Jerusalem para sa nalalabing matatandang bihag, mga pari at mga propeta, at lahat ng taong dinalang-bihag ni Nebucadnezar sa Babilonia.

2Ito'y ginawa niya matapos lisanin ni Haring Jeconias ang Jerusalem, kasama ang kanyang inang reyna, mga eunuko, mga pinuno at mga panday ng palasyo.

3Ang sulat ay ipinadala ng propeta kina Elasa, anak ni Safan, at Gemarias, anak ni Hilkias, na sinugo ni Haring Zedekias kay Haring Nebucadnezar sa Babilonia. Ganito ang sinasabi sa sulat:

4"Ito ang sinasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel, sa lahat ng mga taga-Jerusalem na dinalang-bihag sa Babilonia:

5Magtayo kayo ng mga bahay at diyan na kayo tumira; magtanim kayo at inyong kanin ang bunga niyon.

6Mag-asawa kayo upang magkaanak; bayaan ninyong mag-asawa ang inyong mga anak, nang sila'y magkaanak din. Magpakarami kayo, at huwag ninyong hayaang kayo'y umunti.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[7]Ngunit pagyamanin ninyo ang lunsod na pinagdalhan ko sa inyo. Idalangin ninyo sila kay Yahweh sapagkat kayo rin ang makikinabang kung sila'y umunlad.

[8]Huwag kayong magpapalinlang sa inyong mga propeta at mga manghuhula. Huwag kayong basta-bastang maniniwala sa kanilang mga panaginip.

[9]Tandaan ninyo: Kasinungalingan ang sinasabi nila sa inyo; sila'y hindi ko sinugo, ang sabi ni Yahweh.

[10]"Subalit ito ang aking sinabi: Pagkatapos lamang ng pitumpung taon ng pagkabihag sa Babilonia, muli kong ipadarama ang pag-ibig ko sa inyo. Tutuparin ko ang aking pangakong ibabalik kayo sa lupaing ibinigay ko sa inyo.

[11]Sapagkat batid kong lubos ang mga plano ko para sa inyo; mga planong hindi ninyo ikakasama kundi para sa inyong ikabubuti. Ito'y mga planong magdudulot sa inyo ng kinabukasang punung-puno ng pag-asa.

[12]Kung maganap na ito, kayo'y tatawag, lalapit, at dadalangin sa akin, at diringgin ko naman kayo.

[13]Kapag hinanap ninyo ako, ako'y inyong matatagpuan; kung buong puso ninyo akong hahanapin.

[14]Oo, ako'y matatagpuan ninyo, sabi ni Yahweh, at ibabalik ko ang inyong mga kayamanan. Titipunin ko kayo mula sa lahat ng bansa at pook na pinagdalhan ko sa inyo, at ibabalik sa dakong pinagmulan ninyo bago kayo nabihag.

[15]"Sinasabi ninyong si Yahweh ay humirang ng mga propeta para sa inyo diyan sa Babilonia.

[16]Ganito naman ang sinasabi ni Yahweh tungkol sa haring nakaupo sa trono ni David at sa lahat ng inyong kababayang nakatira sa lunsod na ito at sa hindi nabihag na mga kasama ninyo:

[17]Padadalhan ko sila ng digmaan, taggutom, at salot, at matutulad sila sa mga igos na bulok kaya't hindi na makakain.

[18]Sila'y mamamatay sa labanan, sa gutom at salot. Masisindak ang lahat ng bansa sa kanilang sasapitin. Sila'y hahamakin at susumpain ng lahat ng bansang pinagtapunan ko sa kanila.

[19]Kung paanong hindi nila pinakinggan ang mga propetang sinugo ko sa kanila, gayon din kayo.

[20]Ngunit kayong mga taga-Jerusalem na dinalang-bihag sa Babilonia, makinig kayo sa ipinapasabi ni Yahweh:

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[21]Paparusahan ni Yahweh si Ahab na anak ni Kolaias, at si Zedekias, na anak naman ni Maasias, sapagkat ginamit nila sa kasinungalingan ang aking pangalan. Sila'y ibibigay ko kay Haring Nebucadnezar ng Babilonia at papatayin sa inyong harapan.

[22]Ang kanilang pangala'y babanggitin ng lahat ng taga-Juda na dinalang-bihag sa Babilonia, kapag sinusumpa nila ang kanilang kapwa; sasabihin nila, ‘Gawin sana sa inyo ni Yahweh ang ginawa kina Zedekias at Ahab, na sinunog nang buháy ng hari ng Babilonia!’

[23]Ganito ang mangyayari sa kanila sapagkat kasuklam-suklam ang kanilang ginawa sa Israel. Sila'y nangalunya at ginamit pa ang aking pangalan sa kasinungalingan. Nalalaman ko ito at nasaksihan.”

**Ang Sulat ni Semaias**

[24]Sabihin mo kay Semaias na taga-Nehelam,

[25]ganito ang ipinapasabi ni Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel: “Sinulatan mo ang mga taga-Jerusalem, ang paring si Zefanias na anak ni Maasias, at ang lahat ng mga pari. Sinabi mong

[26]si Zefanias ang hinirang ni Yahweh bilang kapalit ng paring si Joiada. At bilang namamahala sa Templo, tungkulin niyang lagyan ng posas at tanikala sa leeg ang bawat nababaliw na lalaking nagpapahayag sa mga tao bilang propeta.

[27]Bakit hindi mo pinigil si Jeremias ng Anatot na nagpapahayag sa inyo bilang propeta?

[28]Sa mga bihag sa Babilonia'y sinabi niya: ‘Magtatagal kayo rito kaya magtayo kayo ng mga bahay na matitirhan at magtanim kayo para may makain.’”

[29]Binasa ng paring si Zefanias ang sulat na ito nang naririnig ni Propeta Jeremias.

[30]At tinanggap ni Jeremias ang salita ni Yahweh:

[31]“Sabihin mo sa lahat ng mga dinalang-bihag sa Babilonia na ganito ang sabi ni Yahweh tungkol kay Semaias na taga-Nehelam: Nagpahayag si Semaias gayong hindi ko naman siya sinugo, at pinapaniwala kayo sa isang kasinungalingan.

[32]Dahil dito, siya'y paparusahan ko at ang kanyang mga salinlahi. Hindi na niya masasaksihan ang kasaganaang ipagkakaloob ko sa aking bayan, sapagkat nagpapahayag siya ng paghihimagsik laban sa akin.”

## Jeremias 30

**Ang mga Pangako ni Yahweh para sa Israel**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Kinausap ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, si Jeremias,

2at sinabi: “Isulat mo sa isang aklat ang lahat ng sinabi ko sa iyo.

3Sapagkat darating na ang panahon na palalayain ko ang aking bayan, ang Israel at ang Juda, at ibabalik ko sila sa lupaing ibinigay ko sa kanilang mga ninuno; ito'y magiging kanila muli.”

4Ito ang mga sinabi ni Yahweh tungkol sa Israel at sa Juda:

5“Narinig ko ang sigaw ng isang takot na takot, ng isang nasindak at walang kapayapaan.

6Isipin mong mabuti: Maaari bang manganak ang isang lalaki? Bakit hawak-hawak ng bawat lalaki ang kanyang tiyan, tulad ng isang babaing manganganak? Bakit namumutla ang kanilang mga mukha?

7Nakakatakot ang araw na iyon. Wala itong katulad; ito'y panahon ng paghihirap para kay Jacob, ngunit siya'y makakaligtas.

8“Sa araw na iyon,” sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, “babaliin ko ang pamatok sa kanilang mga leeg at kakalagin ko ang kanilang tali; hindi na sila aalipinin ng mga dayuhan.

9Sa halip, sila'y maglilingkod kay Yahweh na kanilang Diyos, at kay David na kanilang magiging hari.

10“Ngunit huwag kang matakot, lingkod kong Jacob; at huwag kang manlupaypay, Israel. Ililigtas ko kayo, kahit saan kayo naroon; kahit nasa lupain ng pagkabihag ang inyong mga anak. Manunumbalik ang payapang pamumuhay ni Jacob, at siya'y sasagana at wala nang katatakutan.

11Ako'y sasainyo at ililigtas ko kayo. Lilipulin ko ang lahat ng bansang pinagkalatan ko sa inyo; subalit kayo'y hindi malilipol. Paparusahan ko kayo nang marapat, ngunit ako'y magiging makatarungan sa inyo.”

12Ito ang sabi ni Yahweh sa kanyang bayan: “Wala nang lunas ang iyong sakit, malalâ na ang iyong sugat.

13Walang mag-aalaga sa iyo, walang kagamutan sa iyong sugat; wala ka nang pag-asang gumaling pa.

14Nilimot ka na ng lahat mong mangingibig; wala na silang malasakit sa iyo. Sinaktan kita, gaya ng isang kaaway, buong lupit kitang pinarusahan; sapagkat matindi ang iyong kasamaan at napakarami mong kasalanan.

15Huwag ka nang umiyak dahil sa iyong sakit; wala nang lunas ang sugat mo. Ginawa ko ito sa iyo sapagkat matindi ang iyong kasamaan at napakarami mong kasalanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Gayunman, lahat ng umapi sa iyo ay aapihin; lahat ng iyong kaaway ay bibihagin din. Nanakawan ang nagnakaw ng kayamanan mo. Ang bumiktima sa iyo ay bibiktimahin din.

17Ibabalik ko ang kalusugan mo, at pagagalingin ang iyong mga sugat. Kayo'y tinawag nilang mga itinakwil, ang Zion na walang nagmamalasakit."

18Sinabi pa ni Yahweh: "Muli kong ibabalik ang kasaganaan sa lipi ni Jacob. Kahahabagan ko ang buong sambahayan niya. Ang lunsod na winasak ay muling itatayo, at muling itatayo ang bawat gusali.

19Ang mga tao roon ay aawit ng pasasalamat at magkakaingay sa kagalakan. Sila'y aking pararamihin; pararangalan ko sila at wala nang hahamak sa kanila.

20Ibabalik ko ang kanilang dating kapangyarihan, at sila'y magiging matatag sa aking harapan. Paparusahan ko ang lahat ng mang-aapi sa kanila.

21Lilitaw ang isang pinuno na mula rin sa kanila. Aanyayahan ko siya kaya siya nama'y lalapit sa akin, sapagkat walang mangangahas na lumapit sa akin kung hindi inanyayahan.

22Sila'y magiging bayan ko, at ako ang kanilang magiging Diyos." Ito ang sabi ni Yahweh.

23Ang poot ni Yahweh ay parang bagyo, parang nag-aalimpuyong hangin na hahampas sa ulo ng masasama.

24Hindi magbabago ang matinding poot ni Yahweh hangga't hindi niya naisasagawa ang kanyang balak. Mauunawaan ninyo ito sa mga araw na darating.

## Jeremias 31

### Ang Pagbabalik ng mga Israelita

1"Sa araw na iyon," sabi ni Yahweh, "ako'y magiging Diyos ng buong Israel at magiging bayan ko sila."

2Ang sabi pa ni Yahweh, "Ang mga taong nakaligtas sa digmaan ay nakatagpo naman ng awa sa ilang. Nang ang Israel ay naghahanap ng kapahingahan,

3napakita ako sa kanila mula sa malayo; sa simula pa'y inibig ko na sila kaya patuloy akong magiging tapat sa kanila.

4Muli kitang itatayo, marilag na Israel. Hahawakan mong muli ang iyong mga tamburin, at makikisayaw sa mga nagkakasayahan.

5Muli kang magtatanim ng ubas sa mga burol ng Samaria; magtatanim ang mga magsasaka, at masisiyahan sa ibubunga niyon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Sapagkat darating ang araw na hihiyaw ang mga bantay mula sa kaburulan ng Efraim, 'Halikayo, umakyat tayo sa Zion, kay Yahweh na ating Diyos.'"

7Ang sabi ni Yahweh: "Umawit kayo sa kagalakan alang-alang kay Jacob, ipagbunyi ninyo ang pinakadakilang bansa; magpuri kayo at inyong ipahayag na iniligtas ni Yahweh ang kanyang bayan, ang mga nalabi sa Israel.

8Narito, sila'y ibabalik ko mula sa hilaga; titipunin ko sila mula sa mga sulok ng sanlibutan, kasama ang mga bulag at mga pilay, ang mga inang may anak na pasusuhin, pati ang malapit nang manganak; sila'y babalik na talagang napakarami!

9Uuwi silang nag-iiyakan habang daan, nananalangin samantalang inaakay ko pabalik. Dadalhin ko sila sa mga bukal ng tubig, pararaanin sa patag na landas upang hindi sila madapa. Sapagkat ang Israel ay aking anak, at si Efraim ang aking panganay."

10"Mga bansa, pakinggan ninyo ang sabi ni Yahweh, at ipahayag ninyo sa malalayong lupain: 'Pinapangalat ko ang mga anak ni Israel, ngunit sila'y muli kong titipunin at aalagaan, gaya ng pagbabantay ng isang pastol sa kanyang mga tupa.'

11Sapagkat tinubos ni Yahweh si Jacob, at pinalaya sa kapangyarihan ng kaaway na higit na malakas sa kanya.

12Aakyat silang nagsisigawan sa tuwa patungo sa Bundok ng Zion, puspos ng kaligayahan dahil sa mga pagpapala ni Yahweh: saganang trigo, bagong alak at langis, at maraming bakahan at kawan ng tupa. Matutulad sila sa isang halamanang dinidilig, hindi na sila muling magkukulang.

13Kung magkagayon, sasayaw sa katuwaan ang mga dalaga, makikigalak pati mga binata't matatanda; ang kanilang dalamhati ay magiging tuwa, aaliwin ko sila at papalitan ng kagalakan ang kanilang kalungkutan.

14Bubusugin ko ng pinakamainam na pagkain ang mga pari, at masisiyahan ang buong bayan sa kasaganaang aking ibibigay." Ito ang sabi ni Yahweh.

**Ang Pagkahabag ni Yahweh sa Israel**

15Sinabi ni Yahweh: "Narinig sa Rama ang isang tinig— panaghoy at mapait na pagtangis tinatangisan ni Raquel ang kanyang mga anak. Ayaw niyang paaliw sapagkat patay na sila."

16Sinasabi ni Yahweh: "Itigil na ninyo ang inyong pag-iyak, huwag na kayong lumuha; sapagkat gagantimpalaan ang inyong mga ginawa, babalik sila mula sa lupain ng kaaway.

17May pag-asa sa hinaharap, sabi ni Yahweh, magbabalik sa sariling bayan ang inyong mga anak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18“Narinig kong nananaghoy ang mga taga-Efraim: ‘Pinarusahan ninyo kami
na parang mga guyang hindi pa natuturuan. Ibalik ninyo kami nang kami'y
gumaling, sapagkat kayo si Yahweh na aming Diyos.

19Tumalikod kami sa inyo ngunit ngayo'y nagsisisi na; natuto kami matapos
ninyong parusahan. Napahiya kami't nalungkot dahil nagkasala kami sa
panahon ng aming kabataan.’

20“Si Efraim ang aking anak na minamahal, ang anak na aking kinalulugdan.
Kung gaano kadalas ko siyang pinaparusahan, gayon ko siya naaalaala.
Kaya hinahanap ko siya, at ako'y nahahabag sa kanya.” Ito ang sabi ni
Yahweh.

21“Maglagay ka ng mga batong pananda sa iyong landas; hanapin mo ang
daang iyong nilakaran. Magbalik ka, Israel, sa mga lunsod na dati mong
tinirhan.

22Anak ko, hanggang kailan ka pa mag-aalinlangan? Ako, si Yahweh, ay
nagtatag ng isang bagong kaayusan: ang babae ang siyang magtatanggol sa
lalaki.”

**Ang Kasaganaang Mararanasan ng Israel**

23Ito ang sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel:
“Muling sasabihin ang mga salitang ito sa lupain ng Juda at sa kanyang mga
lunsod, kapag ibinalik ko na sila sa kanilang tahanan: ‘Pagpapalain ni
Yahweh ang bundok na banal ng Jerusalem, na kanyang tinatahanan.’

24Ang mga nagsasaka at mga pastol ay muling magkakasamang
maninirahan sa Juda.

25Bibigyan ko ng inumin ang nauuhaw, at bubusugin ang nanlulupaypay dahil
sa matinding gutom.

26At masasabi ng sinumang tao: ‘Ako'y natulog at nagising na maginhawa.’”

27Sabi ni Yahweh, “Darating ang panahon na pararamihin ko ang mga tao at
mga hayop sa Israel at sa Juda.

28Kung paano ako naging maingat nang sila'y aking ibagsak, bunutin, sirain,
saktan, at lipulin, buong ingat ko rin silang itatanim at itatatag. Akong si
Yahweh ang nagsabi nito.

29Pagdating ng panahong iyon, hindi na nila sasabihin, ‘Mga magulang ang
kumain ng ubas na maasim, ngunit mga anak ang nangingilo ang mga
ngipin.’

30Sa halip, kung sino ang kumain ng maasim na ubas ang siyang mangingilo;
mamamatay ang isang tao dahil sa kanyang kasalanan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

31Sinasabi ni Yahweh, "Darating ang panahon na gagawa ako ng bagong
tipan sa Israel at sa Juda.

32Ito'y hindi tulad ng kasunduang ginawa ko sa kanilang mga ninuno, nang
ilabas ko sila sa Egipto. Bagama't para akong isang asawa sa kanila, sinira
nila ang kasunduang ito.

33Ganito ang gagawin kong kasunduan sa bayan ng Israel pagdating ng
panahon: Itatanim ko sa kanilang kalooban ang aking kautusan; isusulat ko
ito sa kanilang mga puso. Ako ang kanilang magiging Diyos at sila ang aking
magiging bayan.

34Hindi na nila kailangang turuan ang isa't isa at sabihing, 'Kilalanin mo si
Yahweh'; sapagkat ako'y makikilala nilang lahat, mula sa pinakaaba
hanggang sa pinakadakila, sapagkat patatawarin ko sila sa kanilang
kasalanan at kalilimutan ko na ang kanilang kasamaan."

35Si Yahweh ang naglagay ng araw upang lumiwanag sa maghapon, at ng
buwan at mga bituin upang tumanglaw sa magdamag; siya ang
nagpapagalaw sa dagat kaya umuugong ang mga alon; ang pangalan niya'y
Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat!

36"Habang ang kaayusang ito'y nananatili, hindi mawawala kailanman ang
bansang Israel," ito ang sabi ni Yahweh.

37"Kung masusukat ang kalangitan o maaarok ang kalaliman ng lupa, maaari
kong itakwil ang buong Israel dahil sa lahat ng kanilang ginawa." Ito'y
nagmula sa bibig ni Yahweh.

38"Darating ang panahon na muling itatatag ang lunsod ng Jerusalem para
sa karangalan ni Yahweh, mula sa Tore ng Hananel hanggang sa
Panulukang Pinto.

39Ang hangganan nito'y lalampas sa burol ng Gareb saka liliko sa Goa.

40Ang buong libis na pinagtatapunan ng mga bangkay at abo, gayon din ang
lahat ng bukirin sa itaas ng batis ng Kidron hanggang sa Pintuang Labasan
ng mga Kabayo sa gawing silangan, ay itatalaga sa akin. Hindi na
mawawasak o masasakop ninuman ang lunsod na ito."

## Jeremias 32

### Si Jeremias ay Bumili ng Bukid sa Anatot

1Nagpahayag si Yahweh kay Jeremias noong ika-10 taon ng paghahari sa
Juda ni Zedekias, at ika-18 taon naman ni Nebucadnezar ng Babilonia.

2Nang panahong iyon, na sinasalakay ng hukbo ng hari ng Babilonia ang
Jerusalem, si Propeta Jeremias nama'y mahigpit na binabantayan sa
bilangguan ng palasyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Ipinabilanggo siya ni Haring Zedekias dahil sa kanyang patuloy na pagpapahayag at pagsasabing, “Ito ang ipinapasabi ni Yahweh: Ipapasakop ko ang lunsod na ito sa hari ng Babilonia.

4Si Haring Zedekias ay hindi makakaligtas sa mga taga-Babilonia, at ihaharap siya sa hari nito. Makakausap niya ito at makikita nang harap-harapan.

5Dadalhin siyang bihag sa Babilonia at mananatili roon hanggang sa muli ko siyang maalala. Kahit anong pakikipaglaban ang gawin ninyo, hindi kayo magtatagumpay laban sa kanila.”

6Sinabi pa ni Jeremias, “Ito ang pahayag sa akin ni Yahweh:

7Si Hanamel na anak ng iyong amaing si Sallum ay lalapit sa iyo upang ipagbili ang kanyang bukirin sa Anatot sapagkat ikaw ang malapit niyang kamag-anak at may karapatang bumili niyon.”

8Gaya nga ng sinabi ni Yahweh, si Hanamel ay pumunta sa akin at sinabi: “Bilhin mo na ang bukid ko sa Anatot, sa lupain ng Benjamin. Ikaw ang may karapatang bumili niyon bilang pinakamalapit kong kamag-anak.” Naalala ko ang sinabi ni Yahweh,

9kaya binili ko ang bukid ng pinsan kong si Hanamel, sa halagang labimpitong pirasong pilak.

10Nilagdaan ko ang kasulatan ng pagkabili at tinatakan; tumawag siya ng mga saksi, at tinimbang sa harapan nila ang salaping kabayaran.

11Pagkatapos, kinuha ko ang kasulatan ng pagkabili, na tinatakan, at isang kopyang nakabukas,

12at aking ibinigay kay Baruc na anak ni Nerias at apo ni Maaseias. Ito'y nasaksihan ni Hanamel, ng mga saksing lumagda sa kasulatan ng pagkabili, at ng mga Judiong nasa himpilan ng mga bantay.

13Sa harapan nilang lahat, tinagubilinan ni Jeremias si Baruc ng ganito:

14“Ito ang utos ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel: Kunin mo ang mga kasulatang ito—ang tinatakan at ang nakabukas—at ilagay mo sa isang tapayan para hindi masira agad.

15Sapagkat ganito ang sabi ni Yahweh: Darating ang panahon na muling bibilhin ang mga bahay, bukirin, at ubasan sa lupaing ito.”

**Ang Panalangin ni Jeremias**

16Nang maibigay na kay Baruc ang kasulatan ng pagkakabili,

17si Jeremias ay nanalangin: “Panginoong Yahweh, nilikha mo ang langit at ang lupa sa pamamagitan ng iyong kapangyarihan. Walang bagay na mahirap para sa iyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Nagpamalas ka ng kagandahang-loob sa libu-libo ngunit pinaparusahan mo ang mga anak dahil sa kasalanan ng mga magulang. O dakila at makapangyarihang Diyos na ang pangala'y Yahweh na Makapangyarihan sa lahat,

19dakila ang iyong mga panukala at kahanga-hanga ang iyong mga gawa. Nakikita mo ang ginagawa ng lahat ng tao, at ginagantihan ang bawat isa ayon sa kanyang pamumuhay at gawa.

20Gumawa ka ng mga tanda at kababalaghan sa Egipto, at hanggang ngayo'y patuloy kang gumagawa ng mga kababalaghan sa Israel at sa ibang mga bansa, kaya kilala na ngayon ang iyong pangalan sa lahat ng dako.

21Inilabas mo sa Egipto ang iyong bayang Israel, kasabay ng mga tanda at kababalaghan; ikaw ang umakay sa kanila, sa pamamagitan ng iyong lakas at taglay na kapangyarihan.

22Ibinigay mo sa kanila ang lupaing ito na mayaman at sagana sa lahat ng bagay, gaya ng ipinangako mo sa kanilang mga ninuno;

23pinasok nila ito at sinakop. Ngunit hindi nila sinunod ang iyong utos o namuhay man ayon sa iyong kautusan. Hindi nila tinupad ang alinman sa mga utos, kaya nga ipinadala mo sa kanila ang lahat ng kapahamakang gaya nito.

24Sasalakay na ang mga taga-Babilonia; marami ang masasawi sa labanan, sa gutom, at sa salot. Ang lunsod ay mahuhulog sa kamay ng kaaway. Matutupad na ang lahat ng iyong sinabi.

25Ngunit ikaw ang nag-utos sa akin, Panginoong Yahweh, na bilhin ko sa harapan ng mga saksi ang bukirin, bagaman ang lunsod na ito ay naibigay na sa mga taga-Babilonia."

26At sinabi ni Yahweh kay Jeremias,

27"Ako si Yahweh, ang Diyos ng lahat ng tao; walang bagay na mahirap para sa akin.

28Kaya nga, tandaan mo ang sinasabi ko: Ibibigay ko sa mga sundalo ni Haring Nebucadnezar ng Babilonia ang lunsod na ito.

29Ito'y papasukin ng hukbo niya at susunugin; kasamang matutupok ang mga bahay ng mga taong kinapopootan ko. Sapagkat ang mga bubungan nila'y ginamit na sunugan ng insenso para kay Baal, at dito rin ibinubuhos ang mga alak na handog sa ibang diyos.

30"Buhat pa sa pasimula, wala nang ginawa ang Israel at ang Juda kundi puro kasamaan, kaya nagagalit ako sa kanilang ginagawa," ang sabi ni Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

31“Mula nang itayo ang lunsod na ito, lagi na lamang nila akong ginagalit, kaya wawasakin ko na ito.

32Suklam na suklam na ako sa likong gawain ng mga taga-Israel at Juda, ng kanilang mga hari, mga pinuno, mga pari, mga propeta, at lahat ng naninirahan dito.

33Ako'y tinalikuran nila; bagama't patuloy ko silang tinuruan, ayaw nilang makinig o tumanggap man ng payo.

34Inilagay pa nila ang kanilang mga kasuklam-suklam na diyus-diyosan sa aking Templo, at sa gayo'y dinumihan ito.

35Gumawa pa sila ng mga altar para kay Baal sa Libis ng Ben Hinom, at doon sinusunog bilang handog kay Molec ang kanilang mga anak. Hindi ko ito iniutos o inisip man lamang na ipagawa sa kanila upang magkasala ang Juda.”

**Ang Pangako ni Yahweh**

36Kaya nga, sinabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, kay Jeremias, “Ipahayag mo na ang lunsod na ito'y ibibigay sa kamay ng hari ng Babilonia, sa pamamagitan ng digmaan, gutom at salot.

37Ngunit ngayon, titipunin ko sila mula sa lahat ng lupaing pinagtapunan ko sa kanila nang ako'y magalit. Ibabalik ko sila sa lupaing ito, at ligtas na maninirahan dito.

38At sila'y magiging aking bayan at ako ang magiging kanilang Diyos.

39Magkakaisa sila ng puso at layunin sa pagsunod sa akin para sa kanilang kabutihan at ng kanilang mga anak.

40Makikipagtipan ako sa kanila ng isang walang hanggang tipan; pagpapalain ko sila habang panahon at tuturuang sumunod sa akin nang buong puso upang hindi na sila tumalikod pa sa akin.

41Ikagagalak ko ang gawan sila ng kabutihan. Ipinapangako kong patatatagin ko sila sa lupaing ito, at gagawin ko ito nang buong puso't kaluluwa.”

42Sabi ni Yahweh, “Kung paanong pinadalhan ko ng kapahamakan ang bayang ito; gayon ko ipagkakaloob ang kasaganaang aking ipinangako.

43Muling magbebentahan ng mga bukirin sa lupaing ito na ngayo'y wala nang naninirahan kahit tao o hayop, at nasa kamay ng mga taga-Babilonia.

44At sa pagbibilihang muli ng mga bukirin, lalagdaan at tatatakan ang mga kasulatan ng pagkabili, sa harapan ng mga saksi. Ito'y magaganap sa Benjamin, sa paligid ng Jerusalem, sa mga lunsod ng Juda, sa kaburulan, sa Sefela, at sa mga lunsod sa timog ng Juda; sapagkat ibabalik ko ang kanilang kayamanan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Jeremias 33

### Nanumbalik sa Jerusalem ang Kasaganaan

1Muling nagpahayag si Yahweh kay Jeremias samantalang ito'y
nakabilanggo at mahigpit na binabantayan.

2Ganito ang sabi sa kanya: “Ako ang lumikha, humugis at nag-ayos ng buong
daigdig. Yahweh ang aking pangalan.

3Kung mananalangin ka sa akin, tutugunin kita, at ipahahayag ko sa iyo ang
mga bagay na dakila at mahiwaga na hindi mo pa nalalaman.

4Ako, si Yahweh, ang Diyos ng Israel, ang nagsasabi nito sa iyo. Gigibain ko
ang mga bahay sa lunsod ng Jerusalem at ang palasyo ng hari sa Juda upang
gamiting tanggulan laban sa sumasalakay na mga hukbo ng Babilonia.

5Papasukin kayo ng mga kaaway, at marami ang mamamatay sa labanan
sapagkat pupuksain ko sila sa tindi ng aking poot. Itinakwil ko ang lunsod na
ito dahil sa kanilang kasamaan.

6Ngunit pagagalingin ko silang muli. Hahanguin ko sa kahirapan ang Juda at
Israel, at bibigyan sila ng kapayapaan at kasaganaan.

7Ibabalik ko ang kanilang mga kayamanan at muli silang itatatag.

8Lilinisin ko sila sa lahat nilang kasalanan at patatawarin sa kanilang
paghihimagsik laban sa akin.

9At dahil sa lunsod na ito'y matatanyag ang aking pangalan, pupurihin at
dadakilain ng lahat ng bansa, kapag nabalitaan nila ang lahat ng
pagpapalang ipinagkaloob ko sa kanila. Maaantig sila at mapupuno ng
paghanga dahil sa mga pagpapala't kapayapaang ibinigay ko sa aking
bayan.”

10Ito pa ang sabi ni Yahweh: “Sinasabi ninyo na ang lugar na ito'y parang
disyerto; walang nakatirang tao o hayop. Wala ngang naninirahan sa mga
lunsod ng Juda at walang tao sa mga lansangan ng Jerusalem.

11Ngunit darating ang panahon na muling maririnig sa lugar na ito ang
katuwaan at kasayahan, ang tinig ng mga ikinakasal habang sila'y nasa
bahay ni Yahweh upang maghandog ng pagpupuri at pasasalamat; maririnig
ang sigawang, ‘Purihin si Yahweh, na Makapangyarihan sa lahat, dahil sa
kanyang kabutihan, pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman!’ At ibabalik
ko ang kayamanan ng bayan. Ako, si Yahweh, ang maysabi nito.”

12Ito ang sabi ni Yahweh: “Sa buong lupaing ito na walang pakinabang at
walang nakatirang tao o hayop, muling magbabalik ang mga pastol at
payapang magsisikain ang kanilang mga kawan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Sa mga lunsod sa kaburulan, sa kapatagan, sa timog, sa lupain ng Benjamin, sa palibot ng Jerusalem at ng Juda, muling magkakaroon ng maraming kawan na inaalagaan ng kanilang mga pastol."

14Sinabi ni Yahweh, "Tiyak na darating ang araw na tutuparin ko ang aking pangako sa Israel at sa Juda.

15At sa panahong iyon, pipili ako ng isang matuwid na Sanga na magmumula sa lahi ni David. Paiiralin niya ang katarungan at ang katuwiran sa buong lupain.

16Sa mga araw ring iyon, maliligtas ang mga taga-Juda at mapayapang mamumuhay ang mga taga-Jerusalem. At sila'y tatawagin sa pangalang ito: 'Si Yahweh ang ating katuwiran.'

17Si David ay hindi mawawalan ng kahalili sa trono ng bayang Israel.

18At mula sa lahi ni Levi, hindi kukulangin ng pari na mag-aalay sa akin ng mga handog na susunugin, handog na pagkaing butil, at iba pang mga handog sa lahat ng panahon."

19Sinabi ni Yahweh kay Jeremias,

20"Kung paanong hindi mababago ang batas na itinakda ko para sa araw at sa gabi,

21gayon din naman, hindi masisira ang aking pangako sa lingkod kong si David at sa mga Levita. Hindi mawawalan ng uupo sa trono mula sa kanyang lipi; hindi rin mauubos ang mga pari sa lahi ni Levi.

22Gaya ng hindi mabilang na bituin sa kalangitan at buhangin sa dagat, gayon ko pararamihin ang mga inapo ng aking lingkod na si David at ng mga Levitang naglilingkod sa akin."

23Ganito ang sinabi ni Yahweh kay Jeremias:

24"Hindi mo ba napapansin na sinasabi ng mga tao, itinakwil ko raw ang dalawang angkang hinirang ko? Kaya hahamakin nila ang aking bayan at hindi na ituturing na isang bansa.

25Ngunit sinasabi ko naman: Kung paanong itinakda ko ang araw at gabi at ang tiyak na kaayusan sa langit at sa lupa,

26mananatili rin ang aking pangako sa lahi ni Jacob at sa lingkod kong si David. Magmumula sa angkan ni David ang hihirangin kong maghahari sa lahi nina Abraham, Isaac at Jacob. Ibabalik ko ang kanilang kayamanan at sila'y aking kahahabagan."

## Jeremias 34

### Ang Babala ni Jeremias kay Zedekias

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1 Ito ang pahayag ni Yahweh kay Jeremias nang ang Jerusalem at mga karatig-bayan ay sinasalakay ni Haring Nebucadnezar ng Babilonia at ng kanyang hukbo, katulong ang lahat ng kaharian at bansang sakop nito.

2 “Pumunta ka at sabihin mo kay Haring Zedekias ng Juda ang ganito: Ang lunsod na ito'y ibibigay ko sa hari ng Babilonia at kanyang susunugin.

3 Hindi ka makakaligtas; mahuhulog kang tiyak sa kamay niya. Makikita mo't makakausap nang harap-harapan ang hari ng Babilonia at dadalhin kang bihag sa bansang iyon.

4 Ngunit pakinggan mo ang sabi sa iyo ni Yahweh, Haring Zedekias:

5 Hindi ka mamamatay sa digmaan; mapayapa kang papanaw, at magsusunog sila ng insenso sa iyong libing, gaya ng ginawa nila sa libing ng iyong mga ninunong hari. Ipagluluksa ka at tatangisan ng ganito, ‘Patay na ang aming hari!’ Ako, si Yahweh, ang nagsabi nito.”

6 Inulit namang lahat ni Jeremias ang pahayag na ito sa harapan ni Haring Zedekias ng Juda,

7 nang panahong ang hukbo ng Babilonia ay sumasalakay na sa Jerusalem, sa Laquis at Azeka, ang nalalabing mga lunsod sa Juda. Ito na lamang ang natirang lunsod sa Juda na may mga kuta.

### Nilabag na Kasunduan tungkol sa mga Aliping Hebreo

8 Dumating kay Jeremias ang salita ni Yahweh matapos pagkasunduan ni Haring Zedekias at ng mga taga-Jerusalem na palayain ang mga alipin.

9 Lahat ng may aliping Hebreo, maging babae o lalaki, ay magpapalaya sa mga ito; upang hindi manatiling alipin ang kapwa nila Judio.

10 Sumunod naman ang lahat ng pinuno at mga taong may mga alipin sa bahay. Pinalaya nila ang mga ito at hindi na muling aalipinin.

11 Subalit pagkalipas ng ilang panahon, nagbago ang kanilang isip at pilit nilang inaliping muli ang mga aliping pinalaya nila.

12 Sinabi ni Yahweh kay Jeremias:

13 “Nagkasundo kami ng inyong mga ninuno nang araw na sila'y palabasin ko sa Egipto, sa lupain ng kanilang pagkaalipin. Ganito ang aming kasunduan:

14 Pagkalipas ng anim na taon ng paglilingkod, palalayain nila sa ikapitong taon ang sinumang Hebreo na binili nilang alipin. Ngunit hindi nila ako sinunod.

15 Kayo nama'y nagsisi at ginawa ninyo ang matuwid na pasyang palalayain ang inyong mga aliping Hebreo. Pinagtibay ninyo ito sa aking harapan, sa Templong itinayo ninyo para sa aking karangalan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Ngunit nagtaksil din kayo at nilapastangan ninyo ang aking pangalan, nang muli ninyong alipinin ang mga lalaki't babaing inyong pinalaya.

17Kaya nga, sinasabi ni Yahweh: Hindi ninyo ako sinunod matapos ninyong ipahayag na palalayain ang inyong mga kalahi. Kaya naman, bibigyan ko kayo ng kalayaan, ang kalayaang mamatay sa digmaan, sa salot at sa gutom. Lahat ng bansa ay masisindak sa aking gagawin sa inyo.

18Nilabag ninyo ang ating kasunduan at hindi ninyo tinupad ang tuntuning sinang-ayunan ninyong gawin. Gagawin ko sa inyo ang ginawa ninyo sa guya na inyong pinatay, hinati, at dinaanan sa pagitan.

19Ang mga pinuno ng Juda at Jerusalem, mga eunuko, mga pari, at lahat ng dumaan sa guyang hinati ay

20ibibigay ko sa kaaway. Mamamatay sila at ang bangkay nila'y kakanin ng mga ibon at mababangis na hayop!

21Ibibigay ko si Haring Zedekias ng Juda at ang kanyang mga pinuno sa mga kaaway na tumutugis sa kanila, at sa hukbo ng hari ng Babilonia na tumigil na sa pagsalakay.

22Ako ang mag-uutos sa kanila, at muli nilang sasalakayin ang lunsod na ito. Masasakop nila ito at susunugin; gagawin kong tulad sa disyerto ang mga lunsod ng Juda, at wala nang maninirahan doon.”

## Jeremias 35

### Ang Pagkamasunurin ng mga Recabita

1Nang si Jehoiakim na anak ni Josias ang hari sa Juda, sinabi ni Yahweh kay Jeremias,

2“Puntahan mo at kausapin ang mga Recabita. Pagkatapos ay dalhin mo sila sa isa sa mga silid sa Templo at bigyan ng alak.”

3Sumunod naman si Jeremias; pinuntahan niya si Jaazanias, anak ng isa ring nagngangalang Jeremias na anak naman ni Habasinias, pati ang mga kapatid nito at ang buong angkan ng mga Recabita.

4Sila'y dinala niya sa Templo at pinapasok sa silid ng mga anak ni Hanan, anak ni Igdalias na lingkod ng Diyos. Ang silid na ito'y karatig ng silid ng mga pinuno, at nasa itaas naman ang silid ni Maaseias na anak ni Sallum, isang mataas na pinuno sa Templo.

5Naglabas si Jeremias ng mga lalagyang puno ng alak at ng mga kopa, at sinabi sa mga Recabita, “Uminom kayo.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Subalit sinabi nila, “Hindi kami umiinom ng alak sapagkat iniutos sa amin ni Jonadab, anak ng aming ninunong si Recab, na huwag kaming iinom ng alak, maging ang aming mga anak.

7Iniutos din niya na huwag kaming magtatayo ng mga bahay, magbubungkal ng bukirin, at magtatanim ng mga ubasan o bibili ng mga ito. Sinabihan niya kaming manirahan habang buhay sa mga tolda, upang patuloy kaming manirahan sa lupain na pinananahanan namin bilang mga dayuhan.

8Sinusunod namin ang lahat ng bilin ng aming ninunong si Jonadab. Kahit kailan ay hindi kami uminom ng alak, maging ang aming mga asawa't mga anak.

9Hindi kami nagtatayo ng bahay, wala kaming mga ubasan, bukirin, o triguhan;

10sa mga tolda kami nakatira. Sinusunod namin ang lahat ng utos sa amin ni Jonadab.

11Ngunit nang sakupin ni Haring Nebucadnezar ang bayang ito, nagpasya kaming pumunta sa Jerusalem upang makaiwas sa mga hukbo ng Babilonia at Siria. Kaya naninirahan kami ngayon sa Jerusalem.”

12Pagkatapos, sinabi ni Yahweh kay Jeremias,

13“Sabihin mo sa mga taga-Juda at mga taga-Jerusalem: Ganito ang ipinapasabi ni Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel: Bakit ayaw ninyong makinig sa akin at sumunod sa mga utos ko?

14Tingnan ninyo ang mga anak ni Jonadab. Hindi sila umiinom ng alak hanggang sa araw na ito, sapagkat gayon ang minsa'y iniutos ng kanilang ninuno. Ngunit ako'y laging nagsasalita sa inyo, hindi naman kayo sumusunod.

15Lagi akong nagsusugo ng aking mga lingkod na propeta upang sabihin sa inyong talikuran na ninyo ang inyong masamang pamumuhay at gawin ang nararapat. Binabalaan nila kayo na huwag sasamba at maglilingkod sa ibang diyos, upang patuloy kayong manirahan sa lupaing ibinigay ko sa inyo at sa mga ninuno ninyo. Ngunit ayaw ninyong makinig sa akin; ayaw ninyo akong pansinin.

16Ang mga salinlahi ni Jonadab ay sumusunod sa utos ng kanilang mga ninuno, subalit kayo ay hindi sumusunod sa akin.

17Kaya naman, ipadadala ko na ang mga sakunang aking ibinabala. Gagawin ko ito sapagkat ayaw ninyong makinig sa akin, at ayaw ninyong pansinin ang aking pagtawag. Ako si Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel ang maysabi nito.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[18]At sinabi ni Jeremias sa angkan ng mga Recabita, “Ganito ang ipinapasabi sa inyo ni Yahweh: Naging masunurin kayo sa utos ng inyong ninunong si Jonadab. Sinunod ninyo ang lahat ng kanyang batas, at tinupad ninyo ang lahat ng iniutos niya sa inyo.

[19]Kaya naman, akong si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel ay nangangako: Ang lahi ni Jonadab na anak ni Recab ay hindi mawawalan ng isang lalaking mamumuno at maglilingkod sa akin.”

## Jeremias 36

### Binasa ni Baruc ang Kasulatan

[1]Noong ika-4 na taon ng paghahari sa Juda ni Jehoiakim, anak ni Josias, sinabi ni Yahweh kay Jeremias,

[2]“Kumuha ka ng isang sulatang balumbon at isulat mo ang lahat ng sinabi ko sa iyo laban sa Juda, sa Israel, at sa lahat ng bansa. Isulat mo ang lahat ng sinabi ko sa inyo mula nang una kitang kausapin, sa panahon ni Haring Josias, hanggang sa kasalukuyan.

[3]Marahil, kung maririnig ng taga-Juda ang lahat ng kapahamakang binabalak kong iparanas sa kanila, tatalikuran nila ang kanilang masamang pamumuhay. At patatawarin ko naman sila sa kanilang kasamaan at mga kasalanan.”

[4]Kaya tinawag ni Jeremias si Baruc, anak ni Nerias. Isinalaysay niya rito ang lahat ng sinabi sa kanya ni Yahweh, at isinulat namang lahat ni Baruc sa isang kasulatan.

[5]Pagkatapos, sinabi niya kay Baruc, “Ayaw na akong papasukin sa Templo.

[6]Kaya, ikaw na ang pumaroon sa araw ng pag-aayuno ng mga tao; basahin mo nang malakas ang kasulatang iyan upang marinig nila ang lahat ng sinabi sa akin ni Yahweh. Tumayo ka sa dakong ikaw ay maririnig ng lahat, pati ng mga Judiong nanggaling sa kani-kanilang bayan.

[7]Baka sa ganito'y maisipan nilang tumawag kay Yahweh at talikuran ang kanilang masamang pamumuhay sapagkat binabalaan na sila ni Yahweh na labis nang napopoot at galit na galit.”

[8]Sumunod naman si Baruc; binasa niya nang malakas sa loob ng Templo ang mga pahayag ni Yahweh na nakasulat sa kasulatan.

[9]Noong ikasiyam na buwan ng ikalimang taon ng paghahari sa Juda ni Jehoiakim, anak ni Josias, ang mga tao'y nag-ayuno upang matamo ang paglingap ni Yahweh. Nag-ayuno ang lahat ng naninirahan sa Jerusalem at sa mga lunsod sa Juda.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Si Baruc ay pumasok sa Templo, sa silid ni Gemarias na anak ni Safan na kalihim ng hari. Ang silid na ito'y nasa gawing itaas, sa may pagpasok ng Bagong Pintuan ng Templo. Mula roon, binasa niya sa mga tao ang ipinasulat sa kanya ni Jeremias.

### Binasa ang Kasulatan

11Nang marinig ni Micaias, anak ni Gemarias at apo ni Safan, ang pahayag ni Yahweh na binasa ni Baruc mula sa isang kasulatan,

12nagpunta siya sa palasyo ng hari, sa silid ng kalihim. Nagpupulong noon ang lahat ng pinuno—si Elisama, ang kalihim, si Delaias na anak ni Semaias, si Elnatan na anak ni Acbor, si Gemarias na anak ni Safan, si Zedekias na anak ni Hananias, at lahat ng iba pang pinuno.

13Sinabi sa kanila ni Micaias ang narinig niyang binasa ni Baruc sa mga tao.

14Inutusan ng mga pinuno si Jehudi na anak ni Netanias at apo ni Selemias mula sa lahi ni Cusi, upang sabihin kay Baruc na dalhin ang kasulatang binasa nito sa harapan ng kapulungan. Kaya dumating si Baruc na dala ang kasulatan.

15“Maupo ka,” sabi nila, “at basahin mo sa amin ang nasasaad sa kasulatan.” Binasa naman ito ni Baruc.

16Nang marinig nila ang buong kasulatan, may pagkabahala silang nagtinginan, at sinabi kay Baruc, “Ito'y kailangang ipaalam natin sa hari!”

17At siya'y tinanong nila, “Paano mo naisulat ang lahat ng iyan? Idinikta ba sa iyo ni Jeremias?”

18Sumagot si Baruc, “Ang bawat kataga nito'y idinikta po sa akin ni Jeremias, at isinulat ko naman po.”

19At sinabi nila kay Baruc, “Magtago na kayo ni Jeremias. Huwag ninyong ipapaalam kahit kanino ang kinaroroonan ninyo.”

### Sinunog ng Hari ang Kasulatan

20Ang kasulatan ay inilagay ng mga pinuno sa silid ni Elisama, ang kalihim ng hari; pagkatapos, nagtungo sila sa bulwagan ng hari at ibinalita sa kanya ang lahat.

21Ipinakuha ng hari ang kasulatan kay Jehudi. Kinuha naman nito ang kasulatan sa silid ni Elisama at binasa sa harapan ng hari at sa mga pinunong nakapaligid sa kanya.

22Noon ay ika-9 na buwan at taglamig. Ang hari'y nasa kanyang silid na may apoy na painitan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Kapag nakabasa si Jehudi ng tatlo o apat na hanay, pinuputol ng hari ang bahaging iyon sa pamamagitan ng isang lanseta at inihahagis sa apoy. Gayon ang ginawa niya hanggang sa masunog ang buong kasulatan.

24Gayunman, hindi natakot o nagpakita ng anumang tanda ng pagsisisi ang hari, maging ang mga lingkod na kasama niya.

25Kahit na nakiusap sa hari sina Elnatan, Delaias at Gemarias, na huwag sunugin ang kasulatan, sila'y hindi nito pinansin.

26Pagkatapos, iniutos ng hari sa kanyang anak na si Jerameel na isama si Seraias na anak ni Azriel at si Selenias na anak ni Abdeel, upang dakpin si Propeta Jeremias at ang kalihim nitong si Baruc. Subalit sila'y itinago ni Yahweh.

**Muling Isinulat ang Nilalaman ng Sinunog na Kasulatan**

27Matapos sunugin ng hari ang kasulatang ipinasulat ni Jeremias kay Baruc, sinabi ni Yahweh kay Jeremias

28na ipasulat uli ang lahat ng nasa kasulatang sinunog ni Haring Jehoiakim.

29Iniutos rin sa kanya ni Yahweh na sabihin kay Haring Jehoiakim, "Sinunog mo ang kasulatan, at itinatanong mo kung bakit sinulat ni Jeremias na darating ang hari ng Babilonia, sisirain ang lupaing ito, at papatayin ang mga tao at hayop.

30Kaya ngayon, akong si Yahweh ang nagsasabi sa iyo, Haring Jehoiakim, na sinuman sa mga anak mo'y walang maghahari sa trono ni David. Itatapon sa labas ang iyong bangkay at mabibilad sa init ng araw at lamig ng gabi.

31Paparusahan kita, at ang iyong mga salinlahi, pati ang iyong mga pinuno, dahil sa mga kasalanan ninyo. Ang mga babala ko'y hindi mo pinansin, gayon din ang mga taga-Jerusalem at taga-Juda, kaya pababagsakin ko na sa inyong lahat ang mga kapahamakang ibinabanta ko."

32Kumuha nga si Jeremias ng isa pang kasulatan, at ipinasulat muli kay Baruc ang lahat ng nasa kasulatang sinunog ni Haring Jehoiakim. Marami pang bagay na tulad ng ipinasulat niya kay Baruc ang nadagdag dito.

## Jeremias 37

**Ang Kahilingan ni Zedekias kay Jeremias**

1Si Zedekias na anak ni Haring Josias ang inilagay ni Haring Nebucadnezar ng Babilonia bilang hari ng Juda, kahalili ni Conias, na anak ni Haring Jehoiakim.

2Ngunit ang pahayag ni Yahweh na ipinapasabi kay Propeta Jeremias ay hindi rin dininig ni Zedekias, ng kanyang mga pinuno, at ng mga tao.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Inutusan ni Haring Zedekias si Jehucal, anak ni Selemias, at ang paring si Zefanias na anak ni Maasias, upang hilingin kay Jeremias na idalangin kay Yahweh ang bansa.

4Hindi pa nabibilanggo si Jeremias nang panahong iyon; kaya malaya pa siyang nakakausap ang mga tao.

5Samantala, lumabas na ng Egipto ang hukbo ng Faraon upang tumuloy sa Juda. Nang mabalitaan ito ng hukbo ng Babilonia na sumasalakay sa Jerusalem, iniwan muna nila ito upang harapin ang mga Egipcio.

6Noon sinabi ni Yahweh kay Jeremias,

7"Sabihin mo sa hari ng Juda na nagsugo sa iyo upang sumangguni sa akin, 'Ang hukbo ng Faraon na inaasahan mong darating upang tumulong sa inyo ay babalik sa Egipto.

8At ang mga taga-Babilonia ay babalik. Muli nilang sasalakayin ang lunsod, sasakupin at susunugin.

9Akong si Yahweh ay nagbababala sa iyo. Huwag mong dayain ang iyong sarili. Huwag mong akalaing ligtas ka na sa mga taga-Babilonia. Tiyak na babalik sila.

10At kahit na matalo mo pa ang buong hukbo ng Babilonia, kahit walang matira sa kanila kundi ang mga sugatang nasa kanilang mga tolda, babangon ang mga ito at sasakupin nila ang lunsod at tuluyang susunugin!'"

**Ibinilanggo si Jeremias**

11Nang umatras ang mga taga-Babilonia upang harapin ang hukbo ng Faraon na sasaklolo sa Jerusalem,

12binalak ni Jeremias na pumunta sa lupain ng Benjamin para kunin ang kanyang bahagi sa ari-arian ng kanyang sambahayan.

13Ngunit pagsapit niya sa Pintuan ng Benjamin, pinigil siya ng pinuno ng pintuan na si Irijas, anak ni Selemias at apo ni Hananias at sinabi sa kanya, "Tumatakas ka upang kumampi sa mga taga-Babilonia!"

14Sumagot si Jeremias, "Hindi totoo ang bintang mo. Hindi ako kumakampi sa kanila!" Subalit ayaw maniwala ni Irijas; dinakip niya si Jeremias at dinala sa mga pinuno.

15Galit na galit ang mga ito kay Jeremias; siya'y ginulpi saka ibinilanggo sa bahay ni Jonatan, ang kalihim ng hari. Ang bahay niya ay ginawang bilangguan.

16Ikinulong si Jeremias sa isang selda sa ilalim ng lupa at matagal na pinigil doon.

**Kinausap ni Zedekias si Jeremias**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Isang araw, ipinatawag ni Haring Zedekias si Jeremias at pagdating nito ay kanyang palihim na tinanong, “May pahayag ka ba mula kay Yahweh?” Sumagot si Jeremias, “Mayroon. Ikaw ay bibihagin ng hari ng Babilonia.”

18Pagkatapos ay itinanong pa ni Jeremias, “Anong kasalanan ang nagawa ko sa iyo o sa iyong mga pinuno o sa mga taong-bayan at ako'y iyong ipinabilanggo?

19Nasaan ngayon ang iyong mga propeta na nagsabi sa iyo na hindi sasalakayin ng hari ng Babilonia ang bansang ito?

20Kaya ngayon, mahal na hari, isinasamo kong pakinggan mo ang kahilingan ko. Huwag na po ninyo akong ibalik sa bahay ni Jonatan na iyong kalihim. Ako po'y tiyak na mamamatay doon.”

21Kaya iniutos ni Haring Zedekias na dalhin si Jeremias sa himpilan ng mga bantay at dalhan siya roon ng isang pirasong tinapay araw-araw hanggang sa maubos ang lahat ng tinapay sa lunsod. Kaya sa himpilan ng mga bantay nanatili si Jeremias.

## Jeremias 38

### Si Jeremias sa Tuyong Balon

1Narinig ni Sefatias na anak ni Matan, ni Gedalias na anak ni Pashur, ni Jucal na anak naman ni Selemias, at ni Pashur na anak ni Malquias, ang sinasabi ni Jeremias sa mga tao.

2Ganito ang narinig nilang sinabi ni Jeremias: “Sinabi ni Yahweh na mamamatay sa labanan o sa matinding gutom at sakit ang sinumang mananatili sa lunsod na ito. Ngunit ang lalabas at susuko sa mga taga-Babilonia ay hindi mamamatay, bagkus ay maliligtas.

3Ganito ang sabi ni Yahweh: Ang lunsod na ito ay pababayaan kong masakop ng mga taga-Babilonia.”

4Kaya sinabi ng mga pinuno, “Mahal na hari, dapat ipapatay ang taong ito. Sa kasasalita niya ay natatakot tuloy ang mga kawal pati ang mga mamamayan. Hindi nakakatulong sa bayan ang taong iyan; nais pa niyang mapahamak tayong lahat.”

5Kaya sinabi ni Haring Zedekias, “Kung gayon, gawin ninyo sa kanya ang nais ninyo; hindi ko kayo mapipigil.”

6Dinakip nila si Jeremias at inihulog sa balon ni Malquias, ang anak ng hari, na nasa himpilan ng mga bantay. Hindi tubig kundi putik ang laman ng balon, kaya lumubog siya sa putik.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Ang pangyayaring ito'y nabalitaan ni Ebed-melec, isang Etiopeng naglilingkod sa palasyo ng hari. Ang hari naman ay kasalukuyang nasa may Pintuan ni Benjamin.

8Pinuntahan ni Ebed-melec ang hari at sinabi,

9“Mahal na hari, masama ang ginawa ng mga pinuno; inihulog nila sa balon si Jeremias. Maaaring mamatay siya sa gutom sapagkat wala nang pagkain sa lunsod.”

10Inutusan ng hari si Ebed-melec na magsama ng tatlong lalaki at pagtulung-tulungan nilang iahon sa balon si Jeremias bago ito mamatay.

11Isinama ni Ebed-melec ang mga lalaki, kumuha sila ng mga lumang damit sa taguan, at inihulog kay Jeremias sa pamamagitan ng lubid.

12Sinabi ni Ebed-melec kay Jeremias, “Isapin po ninyo sa inyong kili-kili ang mga lumang damit para hindi kayo masaktan ng lubid.” Sumunod naman si Jeremias,

13at hinila nila siya paitaas hanggang sa maiahon. Pagkatapos ay iniwan nila si Jeremias sa himpilan ng mga bantay.

**Si Zedekias ay Humingi ng Payo kay Jeremias**

14Ipinatawag ni Haring Zedekias si Jeremias at kinausap sa ikatlong pintuan ng Templo. “May itatanong ako sa iyo at huwag kang maglilihim sa akin kahit ano,” sabi ng hari.

15Sumagot si Jeremias, “Kung sabihin ko sa inyo ang katotohanan, ipapapatay ninyo ako, at kung payuhan ko naman kayo, ayaw ninyong pakinggan.”

16Palihim na nangako kay Jeremias si Haring Zedekias, “Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy na nagbibigay-buhay sa atin! Ipinapangako kong hindi kita ipapapatay, at hindi rin kita ipagkakanulo sa mga taong ibig pumatay sa iyo.”

17Matapos marinig ang gayon, sinabi ni Jeremias kay Zedekias ang sabi ni Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel, “Kung kayo'y susuko sa mga pinuno ng hari ng Babilonia, maliligtas ang buhay ninyo at hindi nila susunugin ang lunsod. Kayo at ang inyong sambahayan ay mabubuhay.

18Ngunit kung hindi kayo susuko, ibibigay sa taga-Babilonia ang lunsod na ito. Susunugin nila ito, at hindi kayo makakaligtas.”

19Sumagot si Haring Zedekias, “Natatakot ako sa mga Judiong kumampi sa mga taga-Babilonia. Baka ibigay ako sa kanila, at ako'y pahirapan nila.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]“Hindi kayo ibibigay sa kanila,” sabi ni Jeremias. “Ipinapakiusap kong sundin ninyo ang salita ni Yahweh, gaya ng pagkakasabi ko sa inyo. Sa gayo'y mapapabuti kayo at maliligtas.

[21]Ipinaalam na sa akin ni Yahweh, sa pamamagitan ng isang pangitain, ang mangyayari kapag hindi kayo sumuko.

[22]Nakita kong inilalabas ng mga pinunong taga-Babilonia ang lahat ng babaing naiwan sa palasyo ng hari sa Juda. Pakinggan ninyo ang sinasabi nila: ‘Ang hari'y iniligaw ng pinakamatalik niyang mga kaibigan; naniwala siya sa kanila. At ngayong nakalubog sa putik ang kanyang mga paa, iniwan na siya ng mga kaibigan niya.’”

[23]Pagkatapos ay sinabi ni Jeremias, “Bibihagin ng mga taga-Babilonia ang lahat ng babae at mga bata; pati ikaw ay hindi makakaligtas. Dadalhin kang bihag, at susunugin ang lunsod na ito.”

[24]Sumagot si Zedekias, “Huwag mong ipapaalam kahit kanino ang pag-uusap na ito, at hindi na manganganib ang buhay mo.

[25]Kung mabalitaan ng mga pinuno na kinausap kita, lalapitan ka nila at itatanong kung ano ang pinag-usapan natin. Mangangako pa sila na hindi ka papatayin kung magtatapat ka.

[26]Ngunit sabihin mong nakikiusap ka lang sa akin na huwag na kitang ipabalik sa bahay ni Jonatan upang doon mamatay.”

[27]Nagpunta nga kay Jeremias ang lahat ng pinuno at tinanong siya. At sinabi naman niya sa kanila ang iniutos ng hari na kanyang isasagot. Wala silang magawâ sapagkat walang nakarinig sa pag-uusap nila.

[28]At nanatili si Jeremias sa himpilan ng mga bantay hanggang sa masakop ang Jerusalem.

## Jeremias 39

### Bumagsak ang Jerusalem

[1]Dumating si Haring Nebucadnezar ng Babilonia, kasama ang kanyang buong hukbo at kinubkob ang Jerusalem noong ikasampung buwan ng ikasiyam na taon ng paghahari ni Haring Zedekias sa Juda.

[2]At noong ikasiyam na araw ng ikaapat na buwan naman ng ikalabing isang taon ng paghahari ni Zedekias, napasok nila ang lunsod.

[3]Matapos makuha ang Jerusalem, lahat ng pinuno ng hari ng Babilonia ay sama-samang naupo sa Gitnang Pintuan ng lunsod. Kabilang dito sina Nergal-sarezer, Samgar-nebo, Sarsequim ng Rabsaris, Nergal-sarezer ng Rabmag, at ang iba pang mga pinuno ng hari ng Babilonia.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Nang makita sila ni Haring Zedekias at ng kanyang mga tauhan, tumakas sila pagsapit ng gabi. Sila'y dumaan sa halamanan ng hari, sa pintuang nasa pagitan ng dalawang pader, at tumakas patungo sa Libis ng Jordan.

5Ngunit hinabol sila ng mga kawal ng Babilonia, at inabutan sa kapatagan ng Jerico. Nabihag si Zedekias at ang mga kasama niya, at dinala kay Haring Nebucadnezar na noo'y nasa Ribla, sa lupain ng Hamat. Iginawad ni Nebucadnezar ang hatol na kamatayan.

6Pinatay ng hari ng Babilonia ang mga anak na lalaki ni Zedekias sa harapan nito pati ang mga pinuno ng Juda.

7Ipinadukit ang mga mata ni Zedekias, at pagkatapos ay ginapos ng kadena upang dalhin sa Babilonia.

8Sinunog din ng mga kaaway ang palasyo ng hari at ang mga bahay sa lunsod, at iginuho ang mga pader ng Jerusalem.

9Sa pangunguna ni Nebuzaradan, ang pinuno ng bantay, dinalang-bihag sa Babilonia ang mga taong nalabi sa lunsod, pati ang mga kumampi sa kanya.

10Ang tangi niyang iniwan sa lupain ng Juda ay ang mahihirap na taong walang anumang ari-arian; binigyan pa niya sila ng mga ubasan at bukirin.

**Kinalinga ni Nebucadnezar si Jeremias**

11Iniutos ni Haring Nebucadnezar kay Nebuzaradan,

12“Kunin mo si Jeremias at alagaang mabuti. Huwag mo siyang sasaktan at sundin mo ang kanyang kahilingan.”

13Kaya isinama ni Nebuzaradan ang matataas na pinunong sina Nebuzazban, Nergal-sarezer, at lahat ng iba pang pinuno ng hari sa Babilonia.

14Kinuha nila si Jeremias mula sa himpilan ng bantay at ipinagkatiwala kay Gedalias, anak ni Ahicam na anak naman ni Safan. Doon siya tumira, kasama ng sarili niyang mga kababayan.

**Pag-asa para kay Ebed-melec**

15Samantalang nasa himpilan ng bantay si Jeremias, sinabi sa kanya ni Yahweh,

16“Pumunta ka kay Ebed-melec na taga-Etiopia at sabihin mo: Ganito ang sinasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel. Matutupad na ngayon ang lahat ng sinabi kong pagkawasak laban sa lunsod na ito. Makikita mo ang kapahamakang aking ibinabala sa takdang araw.

17Subalit ililigtas kita sa araw na iyon, at hindi ka ibibigay sa kamay ng mga taong kinatatakutan mo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Ikaw ay tiyak na ililigtas ko at hindi mapapatay ng mga kalaban. Mabubuhay ka sapagkat nanalig ka sa akin."

## Jeremias 40

### Si Jeremias at ang mga Nalabing Kasama ni Gedalias

1Nagpahayag muli si Yahweh kay Jeremias matapos itong palayain sa Rama ni Nebuzaradan, ang pinuno ng bantay ng Babilonia. Dinala kami ditong nakagapos, kasama ng iba pang mga taga-Jerusalem at taga-Juda upang dalhing-bihag sa Babilonia.

2Sinabi sa kanya ni Nebuzaradan, "Ibinabala ng Diyos mong si Yahweh na wawasakin ang lupaing ito.

3Ang babalang iyon ay isinagawa niya ngayon sapagkat nagkasala at sumuway kay Yahweh ang bayang ito.

4Subalit ikaw, Jeremias, ay pawawalan ko na. Kung ibig mo'y sumama ka sa akin sa Babilonia, at kakalingain kita. Ngunit kung ayaw mo, ikaw ang bahala. Masdan mo ang buong lupain sa harapan mo; maaari kang magpunta kung saan mo nais."

5Hindi sumagot si Jeremias, kaya nagpatuloy si Nebuzaradan. "Kung gusto mo naman, pumunta ka kay Gedalias; siya ang inilagay ng hari ng Babilonia bilang gobernador sa buong lupain ng Juda. Malaya kang makakapanirahan doon o kahit saan na iniisip mong mabuti." Pagkatapos, binigyan niya si Jeremias ng pagkain at kaloob, at pinaalis na.

6Si Jeremias nama'y pumunta kay Gedalias sa Mizpa, at doon nakipamayan kasama ng mga taong naiwan sa lupain ng Juda.

### Naging Gobernador si Gedalias

(2 Ha. 25:22-24)

7May mga pinuno at mga kawal ng Juda na hindi sumuko sa mga taga-Babilonia. Nabalitaan nila ang pagkahirang kay Gedalias bilang gobernador ng lupain at tagapamahala sa pinakamahihirap na mamamayan na hindi dinala sa Babilonia.

8Kaya pinuntahan nila si Gedalias sa Mizpa. Kabilang sa mga pinunong ito sina Ismael na anak ni Netanias, Johanan na anak ni Karea, Seraias na anak ni Tanhumet, ang mga anak ni Efai na taga-Metofat, Jezanias na anak ng taga-Maaca.

9At sinabi sa kanila ni Gedalias, "Huwag kayong matakot na maglingkod sa mga taga-Babilonia. Manirahan kayo sa lupaing ito, paglingkuran ninyo ang hari ng Babilonia, at kayo'y mapapabuti.

10Ako ay mananatili rito sa Mizpa upang maging kinatawan ninyo sa mga sugo ng Babilonia na maaaring dumating dito. Kayo'y manirahan sa mga

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

nayong inyong magustuhan. Anihin ninyo ang mga ubas, olibo at iba pang bungangkahoy, at mag-imbak kayo ng langis at alak."

11Nabalitaan din ng mga Judio sa Moab, Ammon, Edom, at iba pang bansa, na may mga kababayan silang naiwan sa Juda, at si Gedalias ang inilagay ng hari ng Babilonia para mamahala sa kanila.

12Kaya sila'y umalis sa lupaing pinagtapunan sa kanila at nakipagkita kay Gedalias sa Mizpa. Nakapagtipon sila ng napakaraming prutas at alak doon.

**Pinatay ni Ismael si Gedalias**

(2 Ha. 25:25-26)

13Si Johanan na anak ni Karea, at lahat ng namumuno sa hukbong hindi sumuko ay nagpunta kay Gedalias sa Mizpa.

14Ang sabi nila, "Alam ba ninyong si Ismael na anak ni Netanias ay sinugo ni Baalis na hari ng mga Ammonita upang patayin kayo?" Subalit ayaw maniwala ni Gedalias.

15Pagkatapos, palihim na sinabi ni Johanan sa kanya, "Bayaan po ninyong patayin ko si Ismael. Hindi kayo dapat masawi sa kamay ng taong iyon. Kapag kayo'y namatay, mangangalat ang lahat ng Judio na nasa inyong pamamahala; mapapahamak pati ang mga nalabi sa Juda."

16Ngunit sumagot si Gedalias, "Johanan, huwag mong gawin iyan. Hindi totoo ang sinasabi mo tungkol kay Ismael."

## Jeremias 41

1Si Ismael na anak ni Netanias at apo ni Elisama ay mula sa lahi ng hari at isa sa matataas na pinuno sa palasyo. Noong ikapitong buwan ng taóng iyon, pinuntahan nila si Gedalias sa Mizpa, kasama ang sampu niyang tauhan. At habang sila'y kumakain,

2tumayo si Ismael at ang sampung tauhan nito at sinunggaban si Gedalias. Pinatay nila ang hinirang ng hari ng Babilonia sapagkat ginawa itong gobernador ng lupain.

3Pinatay rin ni Ismael ang mga Judiong kasama ni Gedalias sa Mizpa, pati ang mga kawal na taga-Babilonia na nagkataong naroon.

4Kinabukasan, matapos patayin si Gedalias, at bago pa nalaman ng sinuman,

5may walumpung kalalakihang dumating buhat sa Shekem, Shilo, at Samaria. Ahit ang kanilang balbas, punit ang damit, at pawang sugatan; may dala silang trigo at insenso upang ihandog sa Templo ni Yahweh.

6Lumabas mula sa Mizpa si Ismael; umiiyak siyang sumalubong at ang sabi, "Pumasok kayo, naririto si Gedalias na anak ni Ahicam."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Pagkapasok nila sa lunsod, sila'y pinatay ni Ismael at ng mga tauhan nito, at itinapon sa isang hukay ang mga bangkay.

8May sampung lalaking hindi napatay, at sila'y nakiusap kay Ismael, “Huwag mo kaming patayin. Marami kaming nakaimbak na trigo, sebada, langis, at pulot-pukyutan. Nakatago ang mga ito sa kabukiran.” Kaya, naawa siya at hindi sila pinatay.

9Ang malaking hukay na ipinagawa ni Haring Asa ng Juda nang pagbantaan siyang salakayin ni Haring Baasa ng Israel ay napuno ng mga bangkay na itinapon doon ni Ismael.

10Pagkatapos, binihag ni Ismael ang lahat ng nasa Mizpa—ang mga anak na babae ng hari at ang mga mamamayang iniwan ni Nebuzaradan sa pamamahala ni Gedalias. At sila'y umalis patungo sa lupain ng Ammon.

11Nabalitaan ni Johanan, at ng mga kasama niyang pinuno at mga kawal ang kasamaang ginawa ni Ismael.

12Isinama nila ang lahat ng kanilang tauhan at hinabol si Ismael; inabutan nila ito sa may malaking deposito ng tubig sa Gibeon.

13Gayon na lamang ang tuwa ng mga bihag ni Ismael nang makita si Johanan at ang kanyang mga tauhan.

14At silang lahat ay nagtakbuhan papunta kay Johanan.

15Subalit si Ismael, kasama ang walo niyang tauhan, ay nagtuloy sa lupain ng mga Ammonita.

16Tinipon ni Johanan at ng mga pinunong kasama niya ang mga bihag na dala ni Ismael mula sa Mizpa, matapos patayin si Gedalias. Kabilang dito'y mga kawal, babae, bata, at eunuko; silang lahat ay ibinalik ni Johanan buhat sa Gibeon.

17Nagpunta sila at tumigil sa Gerut-quimam, malapit sa Bethlehem, subalit may balak na magtuloy sa Egipto.

18Natatakot silang paghigantihan ng mga taga-Babilonia dahil sa ginawa ni Ismael kay Gedalias, na inilagay ng hari ng Babilonia bilang gobernador ng Juda.

## Jeremias 42

### Hiniling ng mga Tao na Ipanalangin Sila ni Jeremias

1Lumapit kay Jeremias si Johanan na anak ni Karea, si Azarias na anak ni Hosaias, ang iba pang pinuno ng hukbo, at lahat ng mamamayan mula sa pinakahamak hanggang sa pinakadakila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Ang pakiusap nila sa propeta, “Idalangin ninyo kami kay Yahweh na inyong Diyos, ang lahat ng natirang ito. Kakaunti na lamang kaming natira ngayon tulad ng nakikita ninyo.

3Hilingin po ninyo na ituro niya sa amin ang nararapat naming puntahan at gawin.”

4Sinabi sa kanila ni Jeremias, “Oo, idadalangin ko kayo kay Yahweh at sasabihin ko sa inyo kung ano ang sagot niya. Wala akong ililihim na anuman.”

5Sinabi pa nila kay Jeremias, “Parusahan kami ni Yahweh kapag hindi namin ginawa ang sasabihin niya.

6Mabuti man ito o hindi, susundin namin ang sasabihin ni Yahweh sapagkat alam naming mapapabuti kami kung susunod sa kanyang salita.”

**Tinugon ni Yahweh ang Dalangin**

7Pagkaraan ng sampung araw, tinanggap ni Jeremias ang pahayag ni Yahweh.

8Kaya tinawag niya si Johanan, ang lahat ng pinuno ng hukbong kasama nito, at ang lahat ng mamamayan, mula sa pinakahamak hanggang sa pinakadakila.

9Sinabi niya sa kanila, “Ganito ang sabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, tungkol sa inyong kahilingan:

10Kung kayo'y mananatili sa lupaing ito, pagpapalain ko kayo at hindi ipapahamak; itatanim at hindi bubunutin. Nalulungkot ako dahil sa kapahamakang ipinadala ko sa inyo.

11Huwag kayong matakot sa hari ng Babilonia sapagkat ako'y sasainyo at ililigtas ko kayo.

12Kaaawaan ko kayo upang kaawaan din niya at payagang manatili sa inyong lupain.

13Datapwat kapag sinuway ninyo ang mensahe ni Yahweh na inyong Diyos, kapag hindi kayo nanatili rito,

14at sa halip ay pumunta kayo sa Egipto, sa paniniwalang walang digmaan doon, at hindi kayo magugutom,

15ito ang sinasabi ko sa inyo: Kayong nalabi sa Juda, kapag kayo'y pumunta at nanirahan sa Egipto,

16aabutan kayo roon ng kaaway na inyong kinatatakutan; daranas kayo ng taggutom na inyong pinangangambahan, at doon kayo mamamatay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Lahat ng maninirahan doon ay mamamatay sa digmaan, sa gutom, at sa salot. Walang makakaligtas sa inyo."

18Sinabi pa ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel, "Kung paano ko ibinuhos sa Jerusalem ang aking galit at poot, gayon ko ito ibubuhos sa inyo, kapag kayo'y pumaroon sa Egipto. Kayo'y katatakutan, pagtatawanan, susumpain, at hahamakin. At hindi na ninyo makikita pa ang lupaing ito.

19"Akong si Yahweh ang nagsasabi sa inyo, kayong nalabi sa Juda, na huwag kayong pupunta sa Egipto. Tandaan ninyo,

20mamamatay kayo kapag kayo'y sumuway. Si Jeremias ay sinugo ninyo upang dumalangin sa akin; sinabi ninyo na inyong gagawin ang anumang sasabihin ko.

21Ipinahayag ko naman ito sa inyo ngayon, subalit hindi ninyo tinutupad ang ipinapasabi ko.

22Ngayon nga'y tinitiyak ko sa inyo na kayo'y mamamatay sa digmaan, sa gutom, at sa salot na aking ipadadala sa lugar na ibig ninyong puntahan."

## Jeremias 43

### Si Jeremias ay Dinala sa Egipto

1Nang masabi na ni Jeremias ang lahat ng ipinapasabi ni Yahweh sa mga tao,

2sinabi sa kanya nina Azarias, anak ni Hosaias, Johanan na anak ni Karea, at ng mga lalaking mayayabang, "Sinungaling! Ikaw ay hindi sinugo ni Yahweh upang sabihin sa amin na huwag kaming manirahan sa Egipto.

3Sinulsulan ka lamang ni Baruc na anak ni Nerias laban sa amin, upang ibigay kami sa kamay ng mga taga-Babilonia; sa gayon, papatayin nila kami o kaya'y dadalhing-bihag."

4Si Johanan, ang lahat ng pinuno ng hukbo, at ang mga tao'y hindi nakinig sa mensahe ni Yahweh; ipinasiya nilang umalis sa Juda.

5Kaya, tinipon ni Johanan at ng mga pinuno ng hukbo ang lahat ng nalabi na nagbalik sa Juda mula sa mga bansang pinagtapunan sa kanila,

6mga lalaki, mga babae, mga bata, mga anak na babae ng hari, at ang mga taong ipinagkatiwala ni Nebuzaradan, ang pinuno ng mga bantay, kay Gedalias na anak ni Ahicam at apo ni Safan; kabilang din dito sina Propeta Jeremias at Baruc.

7Hindi sila nakinig sa mensahe ni Yahweh at sila'y nagpunta sa Egipto; una nilang narating ang Tafnes.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Sa Tafnes ay nagpahayag si Yahweh kay Jeremias:

9“Kumuha ka ng ilang malalaking bato at ibaon mo sa daanang papasok sa palasyo ng Faraon sa Tafnes; gawin mo itong nakikita ng mga Judio.

10Sabihin mo sa kanila, ‘Sinasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel: Dadalhin ko ang aking lingkod na si Haring Nebucadnezar ng Babilonia, at ang kanyang trono ay ilalagay niya sa ibabaw ng mga batong ito na aking ibinaon; ilalatag niya sa ibabaw nito ang kanyang tolda.

11Pagkatapos ay sasalakayin niya ang Egipto at papatayin ang mga dapat mamatay, bibihagin ang dapat bihagin, at papatayin ang itinakdang mamatay sa digmaan.

12Susunugin niya ang mga templo ng mga diyus-diyosan ng Egipto, gayon din ang mga gusali, at bibihagin ang mga diyos. Lilinisin niya ang lupain ng Egipto, gaya ng paglilinis ng isang pastol sa kanyang kasuotan upang maalis ang mga pulgas. Kung maganap na niyang lahat ito, matagumpay niyang lilisanin ang Egipto.

13Gigibain din niya ang mga haliging itinuturing na sagrado sa Egipto, at susunugin ang lahat ng templo ng mga diyus-diyosan doon.’”

## Jeremias 44

### Ang Pahayag ni Yahweh sa mga Judio sa Egipto

1Si Jeremias ay kinausap ni Yahweh tungkol sa mga Judiong naninirahan sa Egipto, sa Migdol, sa Tafnes, sa Memfis, at sa lupain ng Patros.

2Ito ang kanyang sinabi: “Nakita ninyo ang kapahamakang nangyari sa Jerusalem at sa mga lunsod ng Juda. Ngayon ay wasak na ang mga ito, at wala nang naninirahan doon.

3Ginawa ko ito dahil sa kasamaan nila. Nagsunog sila ng insenso at naglingkod sa mga diyos na hindi nila nakikilala, maging kayo o ng inyong mga ninuno.

4Gayunman, patuloy kong sinugo sa inyo ang aking mga lingkod na propeta. Sinabi nila sa inyo, ‘Huwag ninyong gawin ang kasuklam-suklam na bagay na iyan.’

5Subalit hindi sila nakinig; hindi nila pinagsisihan at tinalikuran ang kanilang kasamaan at patuloy rin silang nagsunog ng handog sa mga diyus-diyosan.

6Napoot ako sa kanila kaya winasak ko ang kanilang mga lunsod hanggang ngayon.”

7Ngayon nga'y sinasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel: “Bakit ninyo ginawa ang kasamaang ito? Nais ba ninyong mamatay

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ang mga lalaki't babae, mga bata at sanggol? Nais ba ninyong lubusang maubos ang mga taga-Juda?

8Bakit ninyo ako ginagalit sa pamamagitan ng inyong pagsamba at pagsusunog ng handog sa mga diyus-diyosan sa Egipto na inyong tinatahanan? Winawasak ninyo ang inyong sarili at kayo'y magiging tampulan ng paghamak at pagsumpa ng lahat ng bansa.

9Nakalimutan na ba ninyo ang kasamaang ginawa ng inyong mga ninuno, ng mga hari at ng kanilang mga asawa, ang mga ginawa ninyo at ng inyong mga asawa, sa lupain ng Juda at sa mga lansangan ng Jerusalem?

10Hanggang ngayo'y hindi kayo nagpapakumbaba o natatakot man, hindi sumusunod sa aking utos at mga tuntuning ibinigay sa inyo at sa inyong mga magulang.

11“Kaya akong si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel, ang nagsasabi: Nakapagpasya na akong kayo'y padalhan ng kapahamakan upang wakasan na ang buong Juda.

12Paparusahan ko rin ang mga nalabi sa Juda na nagpumilit na manirahan sa Egipto; doon nila sasapitin ang kanilang wakas. Ang iba'y mamamatay sa digmaan; sa gutom naman ang iba. Dakila't hamak ay sama-samang mamamatay sa labanan, sa gutom o sa salot. At pagtatawanan, pandidirihan, hahamakin at susumpain.

13Paparusahan ko ang mga nakatira sa Egipto, tulad ng ginawa kong parusa sa mga taga-Jerusalem; ito'y sa pamamagitan ng digmaan, taggutom, at salot.

14Ang mga nalabi sa Juda ay nagpunta upang manirahan sa Egipto, at nagtitiwala silang makakabalik upang muling manirahan sa Juda. Ngunit hindi na sila makakabalik; isa man sa kanila'y walang mabubuhay o makakatakas.”

15Ang lahat ng kalalakihang naroon na nakakaalam na ang kanilang mga asawa'y nagsusunog ng handog sa ibang diyos, gayon din ang mga kababaihang nakatayo sa malapit, at lahat ng naninirahan sa Patros, sakop ng Egipto, ay nagsabi kay Jeremias,

16“Hindi namin papakinggan ang sinasabi mo sa amin sa pangalan ni Yahweh.

17Sa halip, gagawin namin ang lahat ng aming ipinangako sa aming sarili: magsusunog kami ng handog sa reyna ng kalangitan, mag-aalay kami ng handog na alak para sa kanya, gaya ng ginagawa ng aming mga ninuno, mga hari, at mga pinuno, at gaya ng ginawa namin sa mga lunsod ng Juda at sa mga lansangan sa Jerusalem. Noon ay sagana kami sa pagkain, payapa kami, at walang anumang kapahamakang dumating sa amin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Ngunit simula nang ihinto namin ang pagsusunog ng handog sa reyna ng kalangitan at ang pag-aalay ng handog na alak sa kanya, dumanas kami ng matinding paghihirap. Marami sa amin ang nasawi sa digmaan at sa gutom."

19At sumagot ang mga babae, "Pinausukan namin ng insenso ang reyna ng kalangitan at kami'y naghandog ng alak sa kanya. Alam ng aming mga asawa na gumagawa kami ng mga tinapay na inukitan ng larawan niya. Nag-alay din kami ng alak na handog sa kanya."

20Kaya sumagot si Jeremias sa lahat ng mga nagsabi sa kanya nito,

21"Hindi nakakalimutan ni Yahweh ang mga sinunog ninyong handog sa mga lunsod ng Juda at sa mga lansangan ng Jerusalem, kayo at ang inyong mga ninuno, mga hari, mga pinuno, at lahat ng nasa lupain.

22Umabot na sa sukdulan ang inyong kasamaan kaya winasak ni Yahweh ang inyong lupain.

23Dumating sa inyo ang kapahamakang ito sapagkat nagsunog kayo ng mga handog na ito, at iyan ay kasalanan kay Yahweh. Hindi rin ninyo sinunod si Yahweh o tinupad ang kanyang mga utos at tuntunin."

24Sinabi pa ni Jeremias sa mga tao, "Pakinggan ninyo ang pahayag ni Yahweh, lahat kayong taga-Juda na nakatira sa Egipto. Ito'y mga mensahe ni Yahweh, ang Makapangyarihang Diyos ng Israel.

25Kayo at ang inyong mga asawang babae ay nagsabi ng ganito: 'Gagawin namin ang aming ipinangako; magsusunog kami ng mga handog sa reyna ng kalangitan, at mag-aalay ng handog na alak sa kanya.' Patunayan ninyo at tuparin ang inyong mga ipinangako.

26Ngunit pakinggan ninyo ang sabi ng Panginoong Yahweh, kayong taga-Juda na naninirahan sa Egipto, "Isinusumpa ko sa aking dakilang pangalan na ang pangalan ko'y hindi na muling sasambitin ng mga taga-Juda. Hindi ko na ipapahintulot na gamitin ang aking pangalan sa panunumpa sa lupain ng Egipto.

27Magbabantay ako upang padalhan kayo ng kasamaan at hindi kabutihan; lahat ng lalaking taga-Juda na nasa Egipto ay mamamatay sa digmaan at sa gutom, hanggang maubos silang lahat.

28Pagkatapos noon, saka mapapatunayan ng lahat ng nalabi sa Juda, na naninirahan sa Egipto, kung kaninong salita ang natupad, ang sa kanila o ang sa akin.

29Ito ang palatandaang ibibigay ko sa inyo na kayo'y aking paparusahan sa lugar na ito upang malaman ninyo na magaganap nga ang kasamaang sinalita ko laban sa inyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[30]Ito'y mga salita ni Yahweh: si Faraon Hofra, hari sa Egipto, ay ibibigay ko sa kanyang mga kaaway na nagnanais pumatay sa kanya, katulad ng ginawa ko kay Haring Zedekias ng Juda, na ibinigay ko kay Haring Nebucadnezar na kaaway niya at nais siyang patayin."

## Jeremias 45

### Ang Pangako ni Yahweh kay Baruc

[1]Noong ika-4 na taon ng paghahari sa Juda ni Jehoiakim, anak ni Josias, kinausap ni Jeremias si Baruc na anak ni Nerias; isinulat naman nito ang lahat ng idinikta ng propeta:

[2]"Baruc, ito ang sinasabi sa iyo ni Yahweh, ang Diyos ng Israel.

[3]Sinabi mo sa akin na kahabag-habag ka sapagkat dinagdagan ni Yahweh ang iyong paghihirap; pinadalhan ka niya ng kalungkutan. Pagod ka na sa pagdaing, at wala kang kapahingahan.

[4]Subalit ipinapasabi sa iyo ni Yahweh, 'Winawasak ko ang aking itinayo, at binubunot ko ang aking itinanim. Gagawin ko ito sa buong daigdig.

[5]Huwag mo nang hangaring makamit ang mga dakilang bagay, sapagkat padadalhan ko ng kapahamakan ang lahat; gayunman, ipinapangako kong iingatan ko ang iyong buhay saan ka man pumunta. Akong si Yahweh ang maysabi nito!"

## Jeremias 46

### Ang Hatol sa Egipto

[1]Ito ang sinabi ni Yahweh kay Propeta Jeremias tungkol sa mga bansa.

[2]Tungkol sa Egipto, sa hukbo ni Faraon Neco na nilupig ni Haring Nebucadnezar ng Babilonia, samantalang sila'y nakahimpil sa may Ilog Eufrates sa Carquemis noong ika-4 na taon ng paghahari sa Juda ni Jehoiakim, anak ni Josias:

[3]"Ihanda ninyo ang inyong mga kalasag, at sumugod sa digmaan!

[4]Lagyan ninyo ng sapin ang mga kabayo, at sakyan ng mga mangangabayo. Humanay kayo at isuot ang inyong helmet, ihasa ang inyong mga sibat, at magbihis ng mga gamit pandigma!

[5]Ngunit ano itong aking nakikita? Sila'y takot na takot na nagbabalik. Nalupig ang kanilang mga kawal, at mabilis na tumakas; hindi sila lumilingon, sapagkat may panganib sa magkabi-kabila!

[6]Ngunit hindi makakatakas kahit ang maliliksi, at hindi makalalayo ang mga kawal. Sila'y nabuwal at namatay sa may Ilog Eufrates sa gawing hilaga.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[7]Sino itong bumabangon katulad ng Nilo, gaya ng mga ilog na ang tubig ay malakas na umaalon?

[8]Ang Egipto ang bumabangong tulad ng Nilo, gaya ng ilog na umaalon. Sabi niya, 'Ako'y babangon, aapawan ko ang lupa, wawasakin ang mga lunsod, at lilipulin ang mga naninirahan doon.

[9]Lumusob kayo, mga mangangabayo! Sumugod kayong nasa mga karwahe! Sumalakay kayo, mga mandirigma, mga lalaking taga-Etiopia at Libya na bihasang humawak ng kalasag; kayo ring taga-Lud na sanay sa pagpana.'"

[10]Ang araw na iyon ay araw ni Yahweh, ang Makapangyarihang Panginoon, araw ng paghihiganti niya sa mga kaaway. Ang tabak ay parang gutom na kakain at hindi hihinto hanggang hindi busog, iinumin nito ang kanilang dugo. At ihahandog ni Yahweh ang mga bangkay nila sa lupain sa hilaga, sa may Ilog Eufrates.

[11]Umakyat ka sa Gilead, kumuha ka roon ng panlunas. Walang bisa ang maraming gamot na ginamit mo; hindi ka na gagaling.

[12]Nabalitaan ng mga bansa ang kahihiyan mo, at umaalingawngaw sa sanlibutan ang iyong sigaw. Natisod ang kawal sa kapwa kawal; sila'y magkasabay na nabuwal.

**Sumalakay sa Egipto si Nebucadnezar**

[13]Ito ang sinabi ni Yahweh kay Propeta Jeremias tungkol sa pagdating ni Haring Nebucadnezar upang salakayin ang Egipto.

[14]"Ipahayag ninyo sa Egipto, sa Migdol, sa Memfis, at sa Tafnes: 'Tumayo kayo at humanda, sapagkat ang tabak ang lilipol sa inyong lahat.'

[15]Bakit tumakas ang itinuturing na malakas na diyus-diyosang si Apis? Bakit hindi siya makatayo? Sapagkat siya'y ibinagsak ni Yahweh.

[16]Nalugmok ang maraming kawal; ang wika nila sa isa't isa, 'Umurong na tayo sa ating bayan upang tayo'y makaiwas sa tabak ng kaaway.'

[17]"Ang Faraon ng Egipto ay tawagin ninyong 'Ang maingay na ugong na nagsasayang ng panahon.'

[18]Sinasabi ng Hari na ang pangala'y Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat. Ako ang buháy na Diyos! Gaya ng Tabor sa gitna ng mga bundok, at ng Carmelo sa may tabing-dagat, gayon ang lakas ng isang sasalakay sa inyo.

[19]Mga taga-Egipto, ihanda ninyo ang inyong sarili sa pagkabihag! Mawawasak at guguho ang Memfis, at wala isa mang maninirahan doon.

[20]Ang Egipto'y gaya ng isang magandang bakang dumalaga, ngunit dumating sa kanya ang isang salot buhat sa hilaga.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[21]Pati ang kanyang mga upahang kawal ay parang mga guyang walang kayang magtanggol. Nagbalik sila at magkakasamang tumakas, sapagkat sila'y hindi nakatagal. Dumating na ang araw ng kanilang kapahamakan; oras na ng kanilang kaparusahan.

[22]Siya'y dahan-dahang tumakas, gaya ng ahas na gumagapang na papalayo. Sapagkat dumating ang makapangyarihang kaaway, may dalang mga palakol, tulad ng mamumutol ng mga punongkahoy.

[23]Puputulin nito ang mga punongkahoy sa kanyang kagubatan, sabi ni Yahweh, bagama't ito'y mahirap pasukin; mas marami sila kaysa mga balang, at halos hindi mabilang.

[24]Mapapahiya ang mga taga-Egipto; ibibigay sila sa mga taga-hilaga."

[25]Sinabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, "Paparusahan ko si Ammon na taga-Tebes, ang Faraon, ang Egipto at ang kanyang mga diyos at mga hari, at ang mga nagtitiwala kay Faraon.

[26]Sila'y ibibigay ko kay Haring Nebucadnezar ng Babilonia at sa mga pinuno nito. Pagkatapos, pananahanan ang Egipto gaya noong unang panahon.

### Ililigtas ni Yahweh ang Kanyang Bayan

[27]"Ngunit huwag kang matakot, lingkod kong Jacob; at huwag kang manlupaypay, Israel. Ililigtas ko kayo, kahit saan kayo naroon; kahit nasa lupain ng pagkabihag ang inyong mga anak. Manunumbalik ang payapang pamumuhay ni Jacob, at siya'y sasagana at wala nang katatakutan.

[28]Inuulit ko, Jacob na aking lingkod, huwag kang matakot, sapagkat ako'y sumasaiyo," sabi ni Yahweh. "Ganap na magwawakas ang lahat ng bansang pinagtapunan ko sa iyo, subalit ikaw ay hindi ko wawasakin. Paparusahan kita sapagkat iyon ang nararapat; hindi maaaring hindi kita parusahan."

## Jeremias 47

### Ang Pahayag ni Yahweh tungkol sa mga Filisteo

[1]Ito ang pahayag na tinanggap ni Jeremias kay Yahweh tungkol sa mga Filisteo bago sinalakay ni Faraon ang Gaza:

[2]"Tumataas ang tubig sa hilaga, at babaha, ito'y aapaw sa buong lupain; magpapasaklolo ang mga tao, maghihiyawan sa matinding takot.

[3]Maririnig ang ingay ng yabag ng mga kabayo, ang paghagibis ng mga karwahe! Hindi na maaalala ng mga magulang ang kanilang mga anak; manghihina ang kanilang mga kamay,

[4]sapagkat dumating na ang araw ng pagkawasak ng mga Filisteo. Ang pinakahuling magtatanggol sa Tiro at Sidon ay babagsak; sapagkat lilipulin ni Yahweh ang mga Filisteo, ang nalabi sa baybayin ng Caftor.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Parang kinalbo ang Gaza; pinatahimik ang Ashkelon. Hanggang kailan
magluluksa ang mga Filisteo?

6Kailan pa magpapahinga ang tabak ni Yahweh? Lumigpit ka na sa kaluban,
at doon manahimik!

7Paano naman itong mapapahinga? Hindi pa tapos ang gawaing itinakda sa
kanya ni Yahweh laban sa Ashkelon at sa kapatagang malapit sa dagat; doon
nakatakda ang gawain nito."

## Jeremias 48

### Ang Pagwasak sa Moab

1Tungkol sa Moab, ganito ang sinasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa
lahat, ang Diyos ng Israel: "Kahabag-habag ang Nebo, sapagkat ito'y ganap
na mawawasak. Nalupig ang Kiryataim, nawasak ang kanyang pader, at
nalagay sa kahihiyan ang mga mamamayan.

2Wala na ang katanyagan ng Moab; ang Hesbon ay nasakop na ng kaaway.
Sinabi pa nila, 'Halikayo, wasakin natin ang Moab hanggang hindi na ito
matawag na isang bansa!' At kayong nakatira sa Dibon, kayo'y patatahimikin;
hahabulin ng tabak ang inyong mamamayan.

3Dinggin ninyo ang pagtangis sa Horonaim; dahil sa karahasan at
pagkawasak.

4"Wasak na ang Moab. Iyakan ng mga bata ang siyang maririnig.

5Sa pag-akyat sa Luhit, mapait na tumatangis ang mga mamamayan;
pagbaba sa Horonaim, naririnig ang paghiyaw ng 'Kapahamakan!'

6Tumakas kayo, iligtas ninyo ang inyong buhay, gaya ng mailap na asno sa
disyerto.

7"Mga taga-Moab, dahil nagtiwala kayo sa inyong lakas at kayamanan, kayo'y
malulupig din; at dadalhing-bihag ang diyus-diyosan ninyong si Quemos, pati
ang kanyang mga pari at mga lingkod.

8Papasukin ng tagawasak ang bawat lunsod; at walang makakatakas.
Mawawasak ang kapatagan at ang libis ay guguho.

9Lagyan ninyo ng puntod ang Moab, sapagkat tiyak ang kanyang pagbagsak;
mawawasak ang kanyang mga lunsod, at wala nang maninirahan doon."

10Sumpain siya na pabaya sa pagtupad sa gawain ni Yahweh! Sumpain siya
na ayaw gumamit ng kanyang tabak sa pagpatay.

### Nawasak ang mga Lunsod ng Moab

11"Namuhay na panatag ang Moab mula sa kanyang kabataan," sabi ni
Yahweh. "Siya'y gaya ng alak na hindi nagagalaw ang latak. Hindi siya

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

isinasalin sa ibang sisidlan; hindi pa siya nadadalang-bihag. Kaya hindi pa nagbabago ang kanyang lasa, at ang kanyang amoy ay hindi pa nawawala.

12“Kaya, tiyak na darating ang panahon na magsusugo ako ng mga lalaking magtutumba sa mga sisidlan; itatapon nila ang laman nito, at saka babasagin hanggang sa madurog.

13At ikakahiya ng mga taga-Moab si Quemos, na kanilang diyus-diyosan, katulad ng Bethel, ang diyus-diyosang ikinahiya ng Israel matapos niyang pagtiwalaan.

14“Kayong mga lalaki sa Moab, paano ninyo masasabing kayo'y mga bayani, at mga matatapang na mandirigma?

15Dumating na ang wawasak sa Moab at sa kanyang mga lunsod, at ang magigiting niyang kabataan ay masasawi.” Ito ang pahayag ng Hari na ang pangalan ay Yahweh na Makapangyarihan sa lahat:

16“Nalalapit na ang pagbagsak ng Moab, mabilis na dumarating ang kanyang pagkawasak.

17Magdalamhati kayo dahil sa kanya, mga karatig-bayan, at kayong lahat na nakakakilala sa kanya; sabihin ninyo, ‘Nabali ang matibay na setro, ang setro ng karangalan at kapangyarihan.’

18Kayong mga taga-Dibon, bumabâ kayo mula sa inyong kataasan at maupo kayo sa tigang na lupa, sapagkat dumating na ang wawasak sa Moab at iniwang wasak ang inyong mga tanggulan.

19Kayong naninirahan sa Aroer, tumayo kayo sa tabing-daan at magmasid, tanungin ninyo ang mga lalaking tumatakbo, ang babaing tumatakas, ‘Ano ang nangyari?’

20Ang Moab ay napahiya at nanlupaypay; humiyaw kayo at tumangis, ipahayag ninyo hanggang sa Ilog Arnon na winasak na ang Moab!

21“At ang hatol ay dumating na sa mga lunsod sa mataas na kapatagan: sa Holon, sa Jaza, sa Mefaat,

22sa Dibon, sa Nebo, sa Beth-diblataim,

23sa Kiryataim, sa Bethgamul, sa Bethmeon,

24sa Keriot, sa Bozra at sa lahat ng lunsod ng Moab, malayo man o malapit.

25Bagsak na ang kapangyarihan ng Moab at siya'y mahina na ngayon, sabi ni Yahweh.”

### Mapapahiya ang Moab

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26“Lasingin ninyo ang Moab,” sabi ni Yahweh, “sapagkat naghimagsik siya laban sa akin. Bayaan ninyong siya'y gumulong sa sariling suka, at maging tampulan ng katatawanan.

27Hindi ba't pinagtawanan mo ang Israel? Itinuring mo sila na parang nahuling kasama ng mga magnanakaw at napapailing ka tuwing siya'y babanggitin mo.

28“Iwan ninyo ang mga lunsod, at doon kayo manirahan sa kabatuhan, kayong taga-Moab! Tumulad kayo sa kalapating nagpupugad sa gilid ng bangin.

29Nabalitaan na namin ang kapalaluan ng Moab. Napakayabang niya: mapangmata, palalo, hambog at mapagmataas.

30Akong si Yahweh ay hindi mapaglilihiman ng kanyang kataasan; pawang kabulaanan ang kanyang sinasabi at ginagawa.

31Kaya nga, tatangisan ko ang Moab; iiyakan ko ang lahat ng taga-Moab; magdadalamhati ako para sa mga taga-Kir-heres.

32Tinangisan kita, O baging ng Sibma, nang higit sa pagtangis ko para sa Jazer. Ang mga sanga mo'y lumampas sa dagat, at umabot hanggang sa Jazer; dumaluhong ang maninira sa iyong mga bungangkahoy at ubasan nang panahon ng tag-araw.

33Napawi na ang kagalakan at kasayahan sa mabungang lupain ng Moab. Pinahinto ko na ang pag-agos ng alak sa pisaan ng alak; wala nang pumipisa rito na may sigawan at katuwaan; ang sigawan ngayon ay hindi na dahil sa kagalakan.

34“Sumisigaw ang Hesbon at Eleale at ito'y umaabot hanggang sa Jahaz; abot ang kanilang tinig mula sa Zoar hanggang Horonaim at Eglat-selisiya. Sapagkat matutuyo rin pati ang mga tubig sa Nimrim.

35Papatigilin ko ang pag-aalay sa mga altar sa kaburulan, at ang pagsusunog ng handog sa kanilang mga diyos. Akong si Yahweh ang nagsabi nito.

36“Kaya tumatangis ang aking puso dahil sa Moab, gaya ng tunog ng plauta; tumatangis din akong parang plauta dahil sa mga taga-Kir-heres. Wala na ang kayamanang pinagsumikapan nilang ipunin!

37Inahit ng mga lalaki ang kanilang buhok; gayon din ang kanilang balbas; hiniwaan ang kanilang mga kamay, at nagdamit sila ng damit-panluksa, tanda ng pagdadalamhati.

38Ang pagtangis ay maririnig mula sa mga bubungan ng bahay sa Moab, at sa malalapad na liwasan niya; sapagkat winasak ko ang Moab, tulad sa isang tapayang wala nang may gusto.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

39Wasak na wasak ang Moab. Sa laki ng kanyang kahihiyan, siya ay naging tampulan ng paghamak at panghihinayang ng lahat ng bansa."

**Hindi Makakatakas ang Moab**

40Ganito ang sabi ni Yahweh: "Darating ang isang bansang simbilis ng agila at lulukuban ng kanyang pakpak ang lupain ng Moab.

41Sasakupin ang mga bayan, babagsak ang lahat ng pader; at sa araw na iyon, manghihina ang mga kawal ng Moab, gaya ng panghihina ng isang babaing malapit nang manganak.

42Gayon mawawasak ang Moab, at hindi na siya kikilalaning isang bansa; sapagkat naghimagsik siya laban kay Yahweh.

43Nakaamba na sa Moab ang kapahamakan, ang hukay, at ang bitag.

44Pagtakbo ng isang tao palayo sa kapahamakan, mahuhulog siya sa hukay; kung siya'y umahon mula rito'y mahuhuli naman siya sa bitag. Lahat ng ito'y mangyayari sa Moab pagdating ng taon ng kanilang pagsusulit. Ito ang sinasabi ni Yahweh.

45Magtatago sa Hesbon ang mga pagod na pagod na pugante; ito ang lunsod na dating pinamahalaan ni Haring Sihon. Subalit lumaganap ang apoy mula sa palasyo; nilamon ang bayan ng Moab at ang kabundukang pinagkukublihan ng mga taong mahilig sa pakikidigma.

46Kahabag-habag ka, Moab! Wala na ang diyus-diyosan mong si Quemos, at dinalang-bihag ang iyong mga anak.

47"Gayunman, pagdating ng araw, ibabalik ko sa dati ang kayamanan ng Moab. Ito ang hatol sa kanya," ang sabi ni Yahweh.

## Jeremias 49

**Ang Hatol ni Yahweh sa Ammon**

1Tungkol naman sa mga Ammonita, ganito ang sinasabi ni Yahweh: "Wala bang mga anak na lalaki si Israel? Wala ba siyang tagapagmana? Kung gayo'y bakit inagawan ng mga sumasamba kay Milcom si Gad, at nanirahan sila sa mga lunsod nito?

2Kaya nga, darating ang panahon na maririnig ng mga taga-Rabba ang sigaw ng digmaan. Ang lunsod na ito'y iiwang wasak at susunugin ang mga nayon. At mababalik sa Israel ang lupaing inagaw sa kanya. Ito ang sabi ni Yahweh.

3Tumangis kayo, mga taga-Hesbon, sapagkat wasak na ang Ai! Umiyak kayo, mga kababaihan ng Rabba! Magsuot kayo ng damit-panluksa at manangis kayo. Magpabalik-balik kayo na hinahampas ang sarili! Sapagkat ang diyus-diyosan ninyong si Milcom ay dadalhing-bihag, kasama ang kanyang mga pari at mga pinuno.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Huwag ninyong ipagyabang ang inyong mga lakas, kayong walang pananalig. Nagtiwala kayo sa inyong mga kayamanan. Ang sabi ninyo, ‘Walang maaaring lumaban sa amin!’

5Padadalhan ko kayo ng katatakutan; kayo'y itataboy ng lahat ng nasa palibot ninyo. Bawat isa'y tutugisin, at walang magtitipon sa mga pugante.

6“Subalit pagkaraan nito, ibabalik kong muli ang kayamanan ng mga Ammonita,” ang sabi ni Yahweh.

**Ang Hatol ni Yahweh sa Edom**

7Tungkol sa Edom, ito ang sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: “Wala na bang masumpungang marunong sa Teman? Hindi na ba nagpapayo ang mga tagapayo doon? Napawi na ba ang kanilang karunungan?

8Mga taga-Dedan, tumakas kayo at magtago! Ipararanas ko sa inyo ang kapahamakang inabot ni Esau nang siya'y aking parusahan.

9Kung namimitas ng mga ubas, tiyak na may naiiwan. Kung sumasalakay sa gabi ang mga magnanakaw, kinukuha lamang nila ang magustuhan.

10Subalit inubos ko ang kayamanan ni Esau, inilantad ko ang kanyang mga taguan, kaya wala na siyang mapagtataguan kahit saan. Nilipol na ang kanyang mga anak, mga kapatid, gayon din ang kanyang mga kapitbahay.

11Ako ang kakalinga sa inyong mga anak na naulila sa ama. Ang inyong mga babaing balo ay makakaasa sa akin.”

12Sapagkat sabi ni Yahweh, “Kahit ang hindi nararapat parusahan ay paiinumin din sa baso ng kaparusahan. Kayo lamang ba ang hindi paparusahan? Hindi! Dapat din kayong uminom!

13Isinumpa ko sa aking sarili, na ang Bozra ay magiging katatakutan, isang disyerto, tampulan ng paghamak at gagamitin sa pagsumpa. Ang lahat ng nayon sa palibot nito ay mananatiling wasak habang panahon. Akong si Yahweh ang nagsabi nito.”

14Narinig ko ang pahayag na ito ni Yahweh. Pinapunta niya sa mga bansa ang isang sugo upang sabihin, “Magsama-sama kayo at salakayin siya. Humanda kayong makipagdigma!

15Ikaw ay gagawin niyang mahinang bansa, tampulan ng paghamak ng lahat.

16Dinaya kayo ng inyong kapalaluan at kataasan. Walang natatakot sa inyo, tulad ng akala ninyo, kayo na nakatira sa mga guwang ng kabatuhan, at nagkukuta sa mataas na kaburulan. Ngunit gumawa man kayo ng inyong pugad sa dakong mataas, gaya ng agila, kayo'y aking ibababa. Ito ang salita ni Yahweh.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Sinabi pa ni Yahweh: “Ang Edom ay magiging malagim na tanawin; mangingilabot at masisindak ang lahat ng magdaraan doon.

18Siya'y ibinagsak, gaya ng Sodoma at Gomorra, at mga kalapit na bansa. Walang sinumang maninirahan doon.

19Masdan ninyo, tulad ng leong nanggagaling sa kagubatan ng Jordan at patungo sa luntiang pastulan, hahabulin ko ang mga taga-Edom at sila'y magtatakbuhan. Pamamahalaan sila ng sinumang pinunong aking pipiliin. Sino ang katulad ko? Sino ang aking kapantay? Sinong pinuno ang makakalaban sa akin?

20Kaya pakinggan ninyo ang buong layunin ni Yahweh laban sa Edom at lahat ng kanyang balak laban sa taga-Teman: Pati ang maliliit na bata ay kukunin, at masisindak ang lahat.

21Sa tindi ng pagbagsak ng Edom ay mayayanig ang daigdig; tatangis ang lupa at maririnig hanggang sa Dagat na Pula.

22Ang kaaway ay lulusob sa Bozra, parang isang agila na biglang mandaragit. Sa araw na iyon, matatakot ang mga kawal ng Edom, tulad ng pagkatakot ng isang babaing malapit nang manganak.”

**Ang Hatol sa Damasco**

23Tungkol sa Damasco, ito naman ang sabi ni Yahweh: “Nagugulo ang Hamat at ang Arpad, sapagkat nakarinig sila ng masamang balita. Hindi sila mapalagay dahil sa pag-aalala, sila'y tila nag-aalimpuyong dagat.

24Natakot ang Damasco at tumakas; sinaklot siya ng pangamba, gaya ng pagdaramdam ng isang babaing manganganak.

25Napakalungkot ngayon ng bayang dati'y puspos ng galak at awitan, ang dating masayang bayan.

26Kaya nga, mabubuwal sa kanyang lansangan ang mga binata, at magiging malamig na bangkay ang lahat ng kanyang mandirigma sa araw na iyon.

27Tutupukin ko ang pader ng Damasco, maging ang mga palasyo ni Haring Ben-hadad.”

**Ang Hatol sa Lipi ni Kedar at sa Lunsod ng Hazor**

28Tungkol sa Kedar at sa mga kaharian ng Hazor na nasakop ni Haring Nebucadnezar ng Babilonia, ganito ang sabi ni Yahweh: “Magbangon kayo, salakayin ninyo ang Kedar! Lipulin ninyo ang mga naninirahan sa silanganan!

29Kunin ninyo ang kanilang mga tolda at mga kawan, ang mga kurtina, ang mga kasangkapang naroon at ang mga kamelyo. Sabihin ninyo sa mga tao, ‘Nakakapangilabot sa lahat ng dako!’

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30“Kayong mga taga-Hazor, tumakas kayo at lumayo! Magtago kayo sa mga liblib na lugar, sapagkat may balak laban sa inyo si Haring Nebucadnezar ng Babilonia; may nabuo na siyang layunin laban sa inyo,” sabi ni Yahweh.

31“Bumangon kayo, at salakayin ang isang bansang namumuhay na payapa at sagana, na walang kandado ang mga pintuang-bayan at nag-iisang namumuhay.

32“Sasamsamin ang kanilang mga kamelyo at mga baka. Pangangalatin ko sa disyerto ang mga nagpaputol ng buhok. Darating ang kapahamakan sa lahat ng panig,” sabi ni Yahweh.

33“Magiging tirahan ng mga asong-gubat ang Hazor at ito'y mananatiling tiwangwang. Wala nang taong maninirahan doon, o makikipamayan sa kanila.”

### Ang Hatol sa Elam

34Tinanggap ni Propeta Jeremias ang pahayag ni Yahweh tungkol sa Elam, nang magpasimulang maghari si Zedekias sa Juda.

35Ganito ang sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: “Babaliin ko ang pana ng Elam, ang pangunahing sandatang sagisag ng kanilang lakas;

36paiihipin ko ang hangin mula sa lahat ng panig ng kalangitan at pangangalatin ko sila sa lahat ng dako.

37Masisindak ang mga taga-Elam sa harap ng kanilang kalaban; padadalhan ko sila ng kapahamakan dahil sa matinding galit ko. Ipadadala ko sa kanila ang tabak hanggang malipol silang lahat;

38at itatayo ko sa Elam ang aking trono. Lilipulin ko ang kanilang hari at mga pinuno.

39Ngunit darating din ang panahon na ibabalik ko ang kayamanan ng Elam. Akong si Yahweh ang nagsabi nito.”

## Jeremias 50

### Ang Hatol sa Babilonia

1Sa pamamagitan ni Propeta Jeremias ay ipinahayag ni Yahweh ang mangyayari sa Babilonia at sa mga mamamayan nito:

2“Ipahayag mo sa mga bansa, wala kang ililihim, ikalat mo ang balita: Nasakop na ang Babilonia. Nalagay na sa kahihiyan si Bel, nanlupaypay na si Merodac, mga diyus-diyosan sa Babilonia.

3“Sapagkat isang bansang mula sa hilaga ang sumalakay sa kanya; gagawing isang disyerto ang kanyang lupain at walang tao o hayop na maninirahan doon.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang Pagbabalik ng Israel

4Sinabi ni Yahweh, "Pagdating ng panahong iyon, lumuluhang magsasama-sama ang mga taga-Israel at mga taga-Juda at hahanapin nila ako na kanilang Diyos.

5Ipagtatanong nila ang daan patungo sa Zion, pupunta sila roon upang makipagkaisa kay Yahweh sa isang kasunduang kanilang tutuparin habang panahon.

6"Ang aking bayan ay parang mga tupang naligaw, sapagkat pinabayaan sila ng kanilang mga pastol. Kaya lumayo sila at tumakbong papunta sa kabundukan; tinahak nila ang bundok at burol at nakalimutang magbalik sa kulungan.

7Nilapa sila ng nakatagpo sa kanila. Ang sabi ng kanilang mga kaaway, 'Wala kaming kasalanan, sapagkat nagkasala sila laban kay Yahweh, ang tunay na pastol at siyang pag-asa ng lahat ng kanilang mga ninuno.'

8"Takasan ninyo ang Babilonia, lisanin ninyo ang bansang iyan; kayo ang maunang umalis, gaya ng mga barakong kambing na nangunguna sa kawan.

9Sapagkat susulsulan ko ang malalakas na bansa upang salakayin ang Babilonia; magmumula sila sa hilaga, upang bihagin siya. Sila'y mga bihasang mandirigma at walang mintis kung pumana.

10Sasamsaman ng mga gamit ang mga taga-Babilonia, at mananagana ang lahat ng makakakuha." Ito ang sabi ni Yahweh.

### Ang Pagbagsak ng Babilonia

11"Bagama't kayo'y nagkakatuwaan at nagkakasayahan, kayong kumuha ng aking mana, bagama't nagwala kayong gaya ng babaing baka sa damuhan, at humalinghing na parang kabayong lalaki,

12malalagay sa ganap na kahihiyan ang inyong ina na nagsilang sa inyo; siya ang magiging pinakahuli sa mga bansa, isang tigang na lupain na parang disyerto.

13Wala nang maninirahan sa kanya dahil sa poot ni Yahweh, siya'y isang lunsod na wasak. Lahat ng magdaraan doon ay magtataka at mangingilabot sa nangyari sa kanya.

14"Humanay kayo sa palibot ng Babilonia, humanda kayong mga manunudla; patamaan ninyo siya at huwag magsasayang ng palaso sapagkat siya'y nagkasala laban kay Yahweh.

15Humiyaw kayo ng pagtatagumpay laban sa kanya; siya'y sumuko na. Bumagsak na ang kanyang mga pader at nadurog. Ito ang ganti ni Yahweh: maghiganti rin kayo sa kanya, gawin ninyo sa kanya ang tulad ng kanyang ginawa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[16]Pigilin ang bawat manghahasik sa Babilonia, gayon din ang bawat mang-aaning may dalang karit. Sa matinding takot sa tabak ng manlulupig, bawat isa'y tatakas at babalik sa sariling lupain."

[17]Ang Israel ay parang kawan ng tupa, hinahanap at hinahabol ng mga leon. Ang hari ng Asiria ang unang lumapa sa kanya, at ngayon ang haring si Nebucadnezar ng Babilonia ang huling kumagat sa kanyang mga buto.

[18]Kaya nga, ganito ang sinasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel: "Paparusahan ko si Nebucadnezar, ang hari ng Babilonia at ang kanyang bayan, tulad ng pagpaparusa ko sa hari ng Asiria.

[19]Ibabalik ko ang Israel sa kanyang pastulan, at manginginain siya sa bundok ng Carmelo at sa kapatagan ng Bashan; sa kaburulan ng Efraim at Gilead ay mabubusog siya.

[20]Darating ang araw na lubusang mapapawi ang kasamaan ng Israel at ng Juda, sapagkat patatawarin ko ang nalabi na aking iniligtas."

**Ang Hatol ng Diyos sa Babilonia**

[21]Ang sabi ni Yahweh, "Salakayin ninyo ang lupain ng Merataim; pati ang mga taga-Pekod, patayin at lipulin ninyo silang lahat; gawin ninyo ang lahat ng iniutos ko sa inyo.

[22]Narinig sa buong lupain ang ingay ng digmaan at ang matinding pagwasak.

[23]Ang Babilonia'y kinatakutan sapagkat pinukpok niya at dinurog ang mga bansa. Ngunit ngayon, ang pamukpok na iyon ay putol na at sira. Nagimbal ang mga bansa sa nangyari sa kanya.

[24]Naghanda ka ng bitag para sa iyong sarili at ikaw ay nahulog, ngunit hindi mo alam. Natagpuan ka at nahuli, sapagkat lumaban ka kay Yahweh.

[25]Binuksan ni Yahweh ang taguan ng mga sandata at inilabas ang mga sandata dahil sa kanyang poot; sapagkat may gagawin si Yahweh, ang Makapangyarihang Panginoon, sa lupain ng Babilonia.

[26]Paligiran ninyo siya at salakayin! Buksan ninyo ang kanyang mga kamalig, ibunton ang mga nasamsam. Lipulin ninyo sila at huwag magtitira kahit isa.

[27]"Patayin ninyo ang lahat ng kanyang mandirigma. Kahabag-habag sila, sapagkat dumating na ang araw, ang panahon ng pagpaparusa sa kanila."

[28]Naririnig ko ang yabag ng mga tumatakas mula sa lupain ng Babilonia upang ipahayag sa Zion ang paghihiganti ni Yahweh para sa kanyang templo.

[29]Sabi ni Yahweh, "Tawagin ninyo ang lahat ng mamamana upang salakayin ang Babilonia. Magkuta kayo sa palibot niya; huwag ninyong pabayaang may makatakas. Gantihan ninyo siya ayon sa kanyang ginawa, gawin sa kanya

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ang lahat ng kanyang ginawa; sapagkat buong pagmamalaki niyang sinuway si Yahweh, ang Banal na Diyos ng Israel.

30Kaya nga, mabubuwal sa kanyang mga lansangan ang mga kabataang lalaki, lilipulin sa araw na iyon ang lahat ng kanyang mandirigma."

31Sabi ni Yahweh, ang Makapangyarihang Panginoon, "Ako'y laban sa iyo sapagkat ikaw ay palalo; dumating na ang araw ng pagpaparusa sa iyo.

32Ang palalo'y madadapa at babagsak, at walang magbabangon sa kanya. Susunugin ko ang iyong mga lunsod, at tutupukin nito ang lahat ng nasa palibot mo."

33Ganito ang sinabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: "Magkasamang inapi ang mga taga-Israel at mga taga-Juda; hawak silang mahigpit ng mga bumihag sa kanila at ayaw silang palayain.

34Ngunit makapangyarihan ang kanilang Manunubos; ang pangalan niya'y Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, siya ang makikipaglaban para sa kanila upang bigyan sila ng kapayapaan. Ngunit kaguluhan ang ipadadala niya sa mga mamamayan ng Babilonia."

35Sinasabi ni Yahweh, "Nakaamba ang isang tabak laban sa mga hukbo ng Babilonia, laban sa naninirahan sa Babilonia at sa kanyang mga pinuno at mga matatalino.

36Ito'y nakaamba sa kanyang mga bulaang propeta, at naging mga mangmang sila. Ito'y nakaamba sa kanyang mga mandirigma, upang lipulin sila!

37Nakaamba ang tabak laban sa kanyang mga kabayo at sa mga karwahe at sa lahat ng hukbo upang panghinaan sila ng loob. Ang lahat ng kanyang kayamanan ay sasamsamin!

38Matutuyo ang lahat ng kanyang katubigan. Sapagkat ito'y lupain ng mga diyus-diyosan, na luminlang sa mga tao.

39"Kaya nga, ang maninirahan doon ay mababangis na hayop at mga asong-gubat, gayon din ang mga dambuhalang ibon. Wala nang taong maninirahan doon habang panahon, at hindi na ito pamamayanan ng alinmang lahi.

40Kung paanong winasak ng Diyos ang Sodoma at Gomorra, at ang mga lunsod na karatig nila, sinasabi ni Yahweh na wala nang maninirahan doon, o makikipamayan sa kanya.

41"Masdan mo, may dumarating mula sa hilaga; isang bansang makapangyarihan. Maraming hari ang nagbabangon mula sa malayong panig ng daigdig.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

42 May mga dala silang busog at sibat, sila'y malulupit at walang habag. Nakasakay sila sa mga kabayo. Ang kanilang mga yabag ay parang ugong ng dagat. Nakahanda sila laban sa Babilonia.

43 Nabalitaan na ng hari ng Babilonia ang tungkol sa kanila, at siya'y nanlupaypay; sinaklot siya ng pagkabalisa, at ng sakit na tulad ng nararamdaman ng isang babaing manganganak.

44 “Masdan mo, gaya ng isang leong lumalabas sa kagubatan ng Jordan upang sumalakay sa isang matibay na kulungan ng mga tupa, bigla ko silang itataboy. At pipili ako ng mangunguna sa bansa. Wala akong katulad. Wala akong kapantay. Walang haring makakalaban sa akin.

45 Kaya, pakinggan ninyo ang binabalak ni Yahweh laban sa Babilonia at sa mga mamamayan nito: Ang mga batang tupa sa kawan ay aagawin, masisindak sa mangyayari sa kanila ang kanilang mga pastol.

46 Mayayanig ang lupa sa ingay ng pagbihag sa Babilonia, at ang kanyang pagtangis ay maririnig ng mga bansa.”

## Jeremias 51

### Karagdagang Parusa sa Babilonia

1 Sinabi ni Yahweh, “Makinig kayo, magpapadala ako ng isang tagapagwasak ng Babilonia at ng mga hukbo nito.

2 Magsusugo ako sa Babilonia ng mga dayuhang wawasak dito na tulad sa malakas na hanging tumatangay sa ipa. Sa araw na iyon ng kanyang kapahamakan, iiwan nilang walang laman ang lupain paglusob nila mula sa lahat ng panig.

3 Huwag ninyong hayaang mahatak ng mamamana ang kanyang busog, o maisuot ang kanyang kasuotang pandigma. Huwag ninyong paliligtasin ang sinuman sa mga binata; lipulin ninyo ang lahat ng kawal.

4 Bayaan ninyong mahandusay sila sa lansangan ng Babilonia; patay at mga sugatan sa gitna ng lansangan.

5 Sapagkat ang Israel at ang Juda ay hindi pinabayaan ng kanilang Diyos na si Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat; subalit ang lupain nila ay punô ng kasalanan laban sa Banal na Diyos ng Israel.

6 Takasan ninyo ang Babilonia, iligtas ninyo ang inyong sarili, kung hindi'y makakasama kayo sa pagpaparusa sa kanyang kasalanan; sapagkat ito'y panahon ng paghihiganti ni Yahweh, at ipalalasap sa kanya ang ganap niyang kaparusahan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Ang Babilonia ay isang gintong kopa sa kamay ni Yahweh, upang lasingin ang buong sanlibutan. Ininom ng mga bansa ang kanyang alak, kaya sila'y nalasing.

8Bigla ang pagbagsak at pagkasira ng Babilonia. Iyakan ninyo siya. Kumuha kayo ng panlunas para sa kanyang sugat; baka siya'y gumaling pa.

9Gagamutin sana namin ang Babilonia, ngunit huli na ang lahat. Iwan na natin siya at magsiuwian na tayo sa ating mga bayan; sapagkat abot na hanggang langit ang kanyang kapahamakan."

10Tayo'y pinawalang-sala ni Yahweh; halikayo, ipahayag natin sa Zion ang ginawa ng ating Diyos.

11Ihasa ang mga pana, ihanda ang mga kalasag. Ginising ni Yahweh ang damdamin ng mga hari ng Media sapagkat balak niyang wasakin ang Babilonia, bilang paghihiganti ni Yahweh dahil sa pagwasak sa kanyang Templo.

12Itaas ninyo ang watawat laban sa mga kuta ng Babilonia. Higpitan ninyo ang pagbabantay; magtakda kayo ng mga bantay. Humanda kayong sumalakay, sapagkat binalak at ginawa ni Yahweh ang sinabi niya tungkol sa Babilonia.

13Kayong naninirahan sa tabi ng maraming ilog, na sagana sa kayamanan, dumating na ang inyong wakas; tiyak na ang inyong kasasapitan.

14Si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ay sumumpa; ang sabi niya: "Ang Babilonia ay ipasasalakay ko sa makapal na tao tulad ng mga umaatakeng balang; at isisigaw nila ang tagumpay laban sa iyo."

**Awit ng Pagpupuri**

15Ang Diyos ang lumikha ng sanlibutan sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan. Inayos niya ang daigdig ayon sa kanyang karunungan; iniladlad niya ang mga langit ayon sa kanyang kaunawaan.

16Sa dagundong ng kanyang tinig, umuugong ang tubig sa kalangitan; pinaiilanlang niya ang mga hamog mula sa mga sulok ng sanlibutan. Pinakikislap niya ang mga kidlat sa gitna ng ulan, at pinalalabas niya sa taguan ang mga hangin.

17Sa ganitong kalagayan ay magiging mangmang at walang kaalaman ang lahat ng tao. Bawat panday ay inilalagay sa kahihiyan ng nililok niyang diyus-diyosan; sapagkat hindi tunay na diyos at walang buhay ang kanyang ginawa.

18Walang kabuluhan ang mga iyon, at dapat sumpain malilipol sila pagdating ng araw ng pagpaparusa sa kanila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[19]Ang Diyos ni Jacob ay hindi gaya ng mga ito; sapagkat siya ang lumikha ng lahat, at ang Israel ang hinirang niya; Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ang pangalan niya.

### Ang Martilyo ni Yahweh

[20]Ikaw ang aking martilyo at sandatang pandigma; sa pamamagitan mo'y dudurugin ko ang mga bansa; sa pamamagitan mo'y ibabagsak ko ang mga kaharian.

[21]Sa pamamagitan mo'y aking wawasakin ang mga hukbong nakakabayo, at ang mga hukbong nakakarwahe,

[22]ang lalaki at ang babae, ang bata at ang matanda, ang binata at ang dalaga,

[23]ang pastol at ang kawan, ang magsasaka at ang katulong na mga baka, ang mga tagapamahala at ang mga kinatawan.

### Ang Parusa sa Babilonia

[24]"Paparusahan ko sa harap ninyo ang Babilonia at ang mga mamamayan nito dahil sa mga kasamaang ginawa niya sa Zion," sabi ni Yahweh.

[25]"Ako'y galit sa iyo, ikaw na mapangwasak na bundok. Winasak mo ang buong sanlibutan. Paparusahan kita. Gugulong kang pababa mula sa kabatuhan, at gagawin kitang bundok na tinupok.

[26]Walang batong makukuha sa iyo upang gawing panulok, o kaya'y pundasyon. Sa halip, mananatili kang wasak habang panahon.

[27]Itaas ninyo sa lupain ang isang bandila, iparinig ninyo sa mga bansa ang pag-ihip ng trumpeta. Pahandain ang mga bansa para digmain siya; tawagin ang mga kahariang laban sa kanya—ang Ararat, ang Mini at ang Askenaz. Pumili kayo ng pinuno laban sa kanya, magpadala kayo ng mga kabayo na kasindami ng mga uod na nagiging balang.

[28]Humanda sa paglaban sa kanya ang mga bansa, ang mga hari sa Medo, kasama ang kanilang mga pinuno't kinatawan, at ang bawat lupaing nasasakupan nila.

[29]Nanginginig at namimilipit sa sakit ang lupain, sapagkat hindi nagbabago ang pasya ni Yahweh laban sa Babilonia. Sisirain niya ang lupaing ito; wala nang maninirahan dito.

[30]Tumigil na sa pakikipaglaban ang mga mandirigma ng Babilonia, at nanatili sa kanilang kuta. Sila'y pinanghinaan na ng loob na parang mga babae. Sinunog na ang kanilang mga tahanan, nawasak na ang kanilang mga pintuan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

31Nagkakasalubong sa pagtakbo ang mga inutusan. Sinasalubong ng isang sugo ang kanyang kapwa sugo. Sasabihin nila sa hari ng Babilonia na nasakop na ang lahat ng panig ng kanyang lunsod.

32Naagaw ang mga tawiran. Sinunog ang mga kuta. Sindak na sindak ang mga kawal.

33Ang Babilonia ay parang giikang niyayapakan. Sandali na lamang at darating na ang panahon ng pag-ani sa kanya."

34Ang Jerusalem ay kinatay at nilamon ng Babilonia. Ginawa niya itong parang sisidlang walang laman. Para siyang dambuhala at ako'y nilulon. Kinuha ang magustuhan at itinapon ang iba.

35Sabihin ninyong mga taga-Zion, "Mangyari sa Babilonia ang karahasang ginawa niya sa amin." Sabihin naman ninyong mga taga-Jerusalem, "Pananagutan niya ang paghihirap na tiniis namin."

### Tutulungan ni Yahweh ang Israel

36Kaya sinabi ni Yahweh sa Jerusalem, "Ipagtatanggol kita at ipaghihiganti. Tutuyuin ko ang kanyang dagat at bukal.

37Wawasakin ko ang Babilonia. Ito'y gagawing tirahan na lang ng mga asong-gubat, magiging isang katatakutan at tampulan ng paghamak. Wala na ring maninirahan doon.

38Sila'y uungal na parang mga leon.

39At dahil sila'y mga ganid, ipaghahanda ko sila ng isang handaan, at lalasingin ko, hanggang mawalan sila ng malay; mahimbing sa pagtulog habang panahon, at hindi na magising."

40Dadalhin ko silang gaya ng mga tupang patungo sa katayan, at gaya rin ng mga lalaking tupa at barakong kambing.

### Ang Pagkawasak ng Babilonia

41"Nasakop ang Babilonia, naagaw ang lupaing hinahangaan ng buong sanlibutan. Nakakapangilabot tingnan ang kinasapitan niya!

42Tumaas ang tubig ng dagat at natabunan ng nagngangalit na alon ang Babilonia.

43Kinatakutan ang kanyang mga lunsod. Natuyo ang kanyang lupain na parang disyerto; ayaw panirahan, o daanan man ng sinumang tao.

44Paparusahan ko si Bel, ang diyos ng Babilonia, at dudukutin sa kanyang bibig ang mga nalulon niya. Hindi na siya pupuntahan ng mga bansa. Bumagsak na ang pader ng Babilonia.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

45Bayan ko, lisanin ninyo siya! Iligtas ng bawat isa ang kanyang sarili mula sa matinding galit ni Yahweh!

46Huwag manghina ang inyong loob, at huwag kayong matakot sa balitang kumakalat sa lupain; may mapapabalita sa loob ng isang taon, iba't iba bawat taon. Balita tungkol sa karahasan o mga pinuno laban sa pinuno.

47Kaya darating ang panahon na paparusahan ko ang mga diyus-diyosan ng Babilonia. Mapapahiya ang buong lupaing ito, at mapapatay ang lahat ng mamamayan niya.

48Kung magkagayon, ang langit at ang lupa at lahat ng naroroon ay aawit sa kagalakan dahil sa Babilonia; sapagkat sasalakayin siya ng mga tagawasak mula sa hilaga," sabi ni Yahweh.

49"Dapat ibagsak ang Babilonia bilang kapalit ng mga napatay sa Israel; sapagkat ang Babilonia ang dahilan ng mga napatay sa buong sanlibutan."

**Ang Mensahe ng Diyos para sa mga Israelita sa Babilonia**

Sinabi ni Yahweh sa mga Israelita na bihag sa Babilonia,

50"Kayong nakaligtas sa kamatayan, magpatuloy kayo at huwag kayong titigil! Alalahanin ninyo si Yahweh kung kayo'y nasa malayong lugar na, gayundin ang Jerusalem.

51Kami'y napahiya dahil nakarinig kami ng paghamak. Nalagay kami sa kahiya-hiyang katayuan sapagkat dumating ang mga dayuhan at pumasok sa banal na dako sa bahay ni Yahweh.

52Makikita ninyo, darating ang panahong paparusahan ko ang kanyang mga diyus-diyosan; maririnig ang daing ng mga sugatan sa buong lupain.

53Kahit na maabot ng Babilonia ang langit, kahit tibayan niya ang kanyang kuta, darating pa rin ang wawasak sa kanya."

**Iba pang Kapahamakang Sinapit ng Babilonia**

54Sinabi pa ni Yahweh, "Pakinggan ninyo ang iyakan mula sa Babilonia, ang panaghoy dahil sa kanyang pagkawasak.

55Sapagkat ginigiba ni Yahweh ang Babilonia, at pinatatahimik ang kanyang malakas na sigaw. Ang kanyang mga alon ay parang ugong ng malakas na tubig, matining ang alingawngaw ng kanilang tinig.

56Sumalakay na sa Babilonia ang tagawasak. Binihag ang kanyang mga mandirigma. Pinagbabali ang kanilang mga pana sapagkat si Yahweh ay Diyos na gumaganti, magbabayad siya nang buo.

57Lalasingin ko ang kanyang mga pinuno at mga matatalino, ang kanyang mga tagapamahala, tagapag-utos at mandirigma. Mahihimbing sila habang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

panahon at hindi na magigising." Ito ang sabi ni Yahweh na Makapangyarihan
sa lahat.

58Sinabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: "Ang malawak na pader
ng Babilonia ay mawawasak at masusunog ang matataas niyang pintuang-
bayan. Nagpapakahirap sa walang kabuluhan ang mga tao. Pinapagod nila
ang kanilang sarili para mauwi lamang sa apoy."

**Ang Mensahe ni Jeremias para sa Babilonia**

59Ito naman ang iniutos ng Propeta Jeremias sa punong eunuko na si
Seraias, ang anak ni Nerias at apo ni Maasias, nang siya'y magpunta sa
Babilonia, kasama ni Haring Zedekias ng Juda, noong ikaapat na taon ng
paghahari nito.

60Itinala ni Jeremias sa isang kasulatan ang lahat ng kapahamakang darating
sa Babilonia, at lahat ng bagay na nasulat tungkol dito.

61Ang sabi ni Jeremias kay Seraias: "Basahin mong lahat ang nakasulat dito
pagdating mo sa Babilonia.

62Pagkatapos ay sabihin mo, 'Yahweh, sinabi mong ang lupaing ito'y iyong
wawasakin. Wala nang maninirahan dito, maging tao o hayop, at mananatili
itong wasak habang panahon.'

63Pagkabasa mo sa kasulatang ito, itali mo sa isang bato at ihagis sa gitna
ng Ilog Eufrates,

64sabay ang pagsasabing, 'Gayon lulubog ang Babilonia, at hindi na lilitaw,
dahil sa parusang ipadadala ko sa kanya.'" Hanggang dito ang mga pahayag
na natipon ni Jeremias.

## Jeremias 52

**Ang Kasaysayan ng Pagbagsak ng Jerusalem**

(2 Ha. 24:18–25:7)

1Si Zedekias ay dalawampu't isang taóng gulang nang maging hari sa Juda,
at labing-isang taóng naghari sa Jerusalem. Ang kanyang ina'y si Hamutal,
anak ni Jeremias ng Libna.

2Tulad ng masamang ginawa ni Jehoiakim, ginawa rin niya ang mga bagay
na hindi kalugud-lugod kay Yahweh.

3Nagalit si Yahweh sa Jerusalem at sa Juda kaya sila'y itinakwil niya. At si
Zedekias ay naghimagsik laban sa hari ng Babilonia.

4Noong ikasiyam na taon ng kanyang paghahari, ikasampung araw ng
ikasampung buwan, sumalakay sa Jerusalem ang buong hukbo ni Haring
Nebucadnezar ng Babilonia. Kinubkob nila iyon, at nagtayo sila ng mga
toreng bantayan sa palibot.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Ang pagkubkob ay tumagal hanggang sa ika-11 taon ng paghahari ni Zedekias.

6Noong ikasiyam na araw ng ikaapat na buwan ng taóng iyon,

7nagkaroon ng matinding taggutom sa lunsod. Walang makain ang mga mamamayan. Nang makita ito ni Haring Zedekias, gumawa sila ng butas sa pader ng lunsod at tumakas nang gabing iyon kasama ang mga sundalo. Dumaan sila sa pintuang-bayan sa pagitan ng dalawang pader, malapit sa hardin ng hari. Nakatakas sila patungong Araba, kahit napapaligiran ng mga hukbo ng Babilonia ang buong lunsod.

8Ngunit hinabol ng hukbo ng Babilonia ang hari, at inabutan si Zedekias sa kapatagan ng Jerico; nagkawatak-watak ang kanyang mga kasama at iniwan siya.

9Binihag ang hari at dinala sa hari ng Babilonia na noo'y nasa Ribla, sa lupain ng Hamat. Doon siya hinatulan.

10Pinatay ng hari ng Babilonia ang mga anak na lalaki ni Zedekias sa harapan niya. Pinatay rin sa Ribla ang lahat ng pinuno ng Juda.

11Pagkatapos, dinukit ng hari ang mga mata ni Zedekias, ginapos, dinala sa Babilonia, at ibinilanggo hanggang sa araw ng kanyang kamatayan.

### Giniba ang Templo

(2 Ha. 25:8-17)

12Noong ikasampung araw ng ikalimang buwan, ng ikalabing siyam na taon ng paghahari ni Nebucadnezar sa Babilonia, si Nebuzaradan, kapitan ng mga bantay ng hari, ay nagpunta sa Jerusalem.

13Sinunog niya ang Templo ni Yahweh, ang palasyo ng hari, at lahat ng mga bahay doon, pati ang mga tahanan ng mga kilalang tao.

14Ang pader sa palibot ng Jerusalem ay iginuho ng mga sundalo ng Babilonia sa pangunguna ng kapitan ng mga bantay.

15Binihag ni Nebuzaradan ang mga taong nalabi sa lunsod, ang mga tumakas patungo sa hari ng Babilonia at ang mga nalabi sa mga manggagawa.

16Subalit iniwan niya ang ilan sa pinakamahihirap sa lupain upang magtrabaho sa mga ubasan at bukirin.

17Sinira nilang lahat ang mga haliging tanso sa Templo ni Yahweh, pati ang tuntungan at ang malaking lalagyan ng tubig na tinatawag na dagat-dagatang tanso, at dinala nila sa Babilonia ang mga tinunaw na tanso.

18Kinuha rin nila ang mga palayok, pala, gunting, mangkok, kutsara at lahat ng sisidlang tanso na gamit sa paglilingkod sa Templo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Kinuha rin ng kapitan ng mga bantay ang mga kopa, apuyan, mangkok, palayok, kandelero, kutsara at tasang yari sa ginto at pilak.

20Hindi na makayang timbangin ang tanso ng dalawang haligi, ng dagat-dagatang nasa ilalim ng tuntungan, at ng labindalawang hugis-bakang tuntungan. Ang mga ito'y ipinagawa ni Haring Solomon para sa bahay ni Yahweh.

21Ang isa sa mga haligi'y walong metro ang taas at lima't kalahating metro ang bilog. Walang laman ang loob nito ngunit apat na daliri ang kapal ng tanso niyon.

22Ito'y may kapitel na tanso rin, dalawa't kalahating metro ang taas. May palamuti itong parang lambat at mga prutas na granada sa palibot. Ang lahat ng ito'y yari sa tanso. Ang isa pang haligi, na may mga palamuti ring granada ay kahawig ng unang haligi.

23May siyamnapu't anim na lahat ang palamuting granada na nakikita, ngunit isandaang lahat ang nagawa na makikita sa buong palibot.

**Binihag ang mga Taga-Juda at Dinala sa Babilonia**

(2 Ha. 25:18-21, 27-30)

24Kinuha ng kapitan ng mga bantay ang punong paring si Seraias, at si Zepanaias, ang pangalawang pari, pati ang tatlong pinuno sa Templo.

25Kumuha rin siya sa lunsod ng isang pinuno na mamamahala sa mga mandirigma, pitong lalaki sa konseho ng hari na naroon pa sa lunsod, isang kalihim ng kapitan at siyang nagsasanay sa mga tao para sa pakikidigma, at may animnapung lalaking naroroon pa rin.

26Sila'y dinala ni Nebuzaradan sa harapan ng hari ng Babilonia sa Ribla, na nasa lupain ng Hamat,

27sila'y ipinahampas ng hari ng Babilonia saka ipinapatay. Gayon naging bihag at inalis sa sariling lupain ang taga-Juda.

28-30Ito ang bilang ng mga taga-Juda na dinalang-bihag sa Babilonia ni Nebucadnezar: Noong ika-7 taon ng kanyang paghahari *3,023* Noong ika-18 taon ng kanyang paghahari *832 mula sa Jerusalem* Noong ika-23 taon ng kanyang paghahari *745 na dinalang-bihag ni Nebuzaradan* Lahat-lahat ay 4,600 katao.

31Noong ikadalawampu't limang araw ng ikalabindalawang buwan, ng ikatatlumpu't pitong taon ng pagkakabihag ni Haring Jehoiakin ng Juda, pumalit na hari sa Babilonia si Evil-merodac. Naging mabuti ito kay Haring Jehoiakin ng Juda at pinalabas siya sa bilangguan;

32pinakitaan ng kagandahang-loob, at binigyan pa ng katungkulang mas mataas kaysa mga haring kasama niya sa Babilonia.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

33Kaya't hinubad na ni Jehoiakin ang kanyang damit-bilanggo, at namuhay sa kalinga ng hari sa natirang mga taon ng kanyang buhay.

34Araw-araw, ang kanyang pangangailangan ay ibinibigay ng hari ng Babilonia, habang siya'y nabubuhay, hanggang sa araw ng kanyang kamatayan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Panaghoy

## Mga Panaghoy 1

### Ang Pagdadalamhati ng Jerusalem

1O anong lungkot ng lunsod na dating matao! Siya na dating bantog sa buong mundo ngayo'y tulad na ng isang balo; siya na dating pangunahing lunsod ngayon ay isa nang lingkod!

2Buong kapaitan siyang umiiyak sa magdamag, ang mga mata'y laging luhaan; lumayo na ang lahat at walang natira kahit isa upang umaliw sa kanya. Ang dati niyang mga kaibigan ngayon ay naging mga kaaway na.

3Ang mga taga-Juda'y nabihag at dumanas ng kalungkutan at sapilitang paglilingkod. Sa pananahanan nila sa gitna ng mga bansa'y hindi man lamang sila makapagpahinga. Napapaligiran sila ng mga kaaway, walang paraan para makatakas.

4Malungkot ang mga landas patungong Jerusalem, pagkat wala nang dumadalo sa kanyang mga takdang kapistahan. Wala nang nagdaraan sa kanyang mga pintuang-bayan; dumaraing at nagbubuntong-hininga ang kanyang mga pari, pinagmamalupitan ang mga dalagang mang-aawit sa templo. Napakapait ng sinapit niya!

5Naging panginoon niya ang kanyang mga kaaway, pinapaghirap siya ni Yahweh dahil sa marami niyang kasalanan. Wala na ang kanyang mga anak, sila'y dinalang-bihag ng kaaway.

6Naparam na ang karangyaan ng Jerusalem. Ang kanyang mga pinuno'y parang mga usang di makasumpong ng pastulan; nanghihina na sa pag-iwas sa mga humahabol sa kanila.

7Ngayong ang mga taga-Jerusalem ay nasa panahon ng pagdadalamhati at paggala, nagugunita nila ang maliligayang araw na nagdaan. Nang mahulog sila sa kamay ng kaaway ay walang sinumang sa kanila'y umalalay; nang sila'y bumagsak, sila'y kinutya ng mga sumakop sa kanila.

8Mabigat ang nagawang kasalanan ng Jerusalem, kaya't siya'y naging katatawanan; itinatakwil na siya ng mga pumupuri noon sa kanya. Sa matinding kahihiyan mukha'y tinakpan, sa isang sulok nanaghoy na lamang.

9Ang kanyang karumhan ay di maikakaila, malagim ang kanyang pagbagsak at wala man lamang umaliw sa kanya. Nagtagumpay ang kanyang mga kaaway at siya'y dumulog kay Yahweh.

10Sinamsam ng mga kaaway ang lahat niyang kayamanan; ang mga di-dapat pumasok na mga taga-ibang bayan, ang banal na Templo'y kanilang nilapastangan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11 Dumaraing ang lahat ng kanyang mamamayan sa paghahanap ng pagkain; ipinagpapalit nila ng pagkain ang kanilang mga kayamanan para lamang mabuhay. “Yahweh, masdan po ninyo kami. Mahabag ka sa aming kalagayan!”

12 “Wala ba kayong pakialam, mga nagdaraan? Hirap na ganito'y inyo na bang naranasan? Ito'y parusa ni Yahweh dahil sa kanyang matinding poot.

13 “Nagpababa siya ng apoy mula sa itaas; nanuot ito sa aking mga buto; sa nilagay na bitag, doon ako'y nahulog, isang matinding hirap sa aki'y pinalasap.

14 “Inipon niya ang lahat kong pagkakasala at ito'y ipinapasan sa akin; dahil sa bigat nito'y unti-unting nauubos ang aking lakas. Ako'y ibinigay ni Yahweh sa aking mga kalaban at aking sarili'y hindi ko man lang matulungan.

15 “Tinawanan lang ni Yahweh ang magigiting kong kawal. Nagpadala siya ng isang hukbo upang lipulin ang mga kabataang lalaki. Dinurog niya ang buong bayan, parang ubas sa pisaan.

16 “Dahil dito, hindi mapigil ang pagdaloy ng aking luha, walang makaaliw sa akin ni makapagpalakas ng aking loob. Nagtagumpay ang aking kalaban, kawawang mga anak, iniwan silang wasak.

17 “Ako'y nagpasaklolo ngunit walang tumulong sa akin, inatasan ni Yahweh ang mga karatig-bansa upang ako'y gawing isang kawawa, kaya ako'y nagmistulang maruming basahan.

18 “Nasa panig ng katuwiran si Yahweh, ako ang naghimagsik laban sa kanyang salita; ngunit makinig kayo, mga bansa, at tingnan ninyo ang aking paghihirap; binihag ang aking kadalagahan at kabinataan.

19 “Tinawag ko ang aking mga kakampi ngunit hindi nila ako tinulungan; namatay ang aking mga pari at mga pinuno ng lunsod, sa paghahanap ng pagkaing magpapanumbalik ng kanilang lakas.

20 “Masdan mo ako, O Yahweh, sapagkat labis akong nababagabag. Naliligalig ang aking kaluluwa, ako'y lubhang naguguluhan, sapagkat naging mapaghimagsik ako. Kabi-kabila ang patayan, sa loob at labas ng kabahayan.

21 “Pakinggan mo ang aking daing; walang umaaliw sa akin. Natuwa pa nga ang mga kaaway ko sa ginawa mo sa akin. Madaliin mo ang araw na iyong ipinangako, na sila'y magiging gaya ko rin.

22 “Hatulan mo sila sa kanilang kasamaan; pahirapan mo sila, tulad ng pagpapahirap mo sa akin dahil sa aking mga pagsalangsang; napapahimutok ako sa tindi ng hirap at para akong kandilang nauupos.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Panaghoy 2

**Pinarusahan ni Yahweh ang Jerusalem**

1Sa matinding galit ni Yahweh, ipinahiya niya ang Zion! Ibinagsak niya ang
karangalan ng Israel; sa araw ng kanyang poot nakalimutan niyang Zion ang
kanyang tuntungan.

2Walang awang winasak ni Yahweh ang lahat ng nayon ni Jacob; sinira niya
ang matitibay na kuta ng Juda; ang kaharian at mga pinuno nito'y kanyang
ibinagsak at inilagay sa kahihiyan.

3Sa tindi ng kanyang galit ay iginupo niya ang hukbo ng Israel; hindi niya kami
tinulungan nang dumating ang kaaway. Nag-aalab ang galit niya sa amin,
gaya ng paglamon ng apoy sa buong paligid.

4Para siyang kaaway, tinudla niya kami ng pana, at nilipol ang lahat ng
kinalulugdan nami't ipinagmamalaking mamamayan. Ibinuhos niya sa
Jerusalem ang tindi ng kanyang galit, parang isang apoy na sa kanya'y
tumupok.

5Tulad ng kaaway, winasak ni Yahweh ang Israel. Giniba niya ang mga
palasyo at lahat ng kuta; inilagay niya ang Juda sa walang katapusang
pagdadalamhati.

6Pinaguho niya ang tabernakulo nito gaya ng isang halamanan; winakasan
ni Yahweh ang mga itinakdang pista at Araw ng Pamamahinga, at itinakwil
niya ang mga hari at mga pari dahil ang kanyang galit ay matindi.

7Itinakwil ni Yahweh ang kanyang altar, tinalikuran ang kanyang templo;
ipinagiba niya sa mga kaaway ang mga pader nito. Dahil sa kanilang
tagumpay, nagkaingay sa tuwa ang mga kaaway sa lugar na dati'y buong
galak naming pinagdarausan ng pagsamba.

8Ipinasya ni Yahweh na wasakin ang pader ng Zion, itinakda niya ang ganap
na pagkasira nito; hindi niya iniurong ang kanyang balak na pagwasak.
Ngayon, ang muog at ang kuta ay nakaguho.

9Gumuho na rin ang mga pintuang-bayan, bali ang mga panara nito, pati na
rin ang mga tarangkahan. Nangalat sa mga bansa ang kanyang hari at mga
pinuno; wala nang kautusang umiiral, at wala na ring pangitain mula kay
Yahweh ang kanyang mga propeta.

10Tahimik na nakalugmok sa lupa ang pinuno ng Jerusalem; naglagay sila ng
abo sa ulo at nakasuot ng damit-panluksa. Ang mga dalaga sa Jerusalem ay
nakaluhod, ang mukha'y halos sayad sa lupa.

11Namumugto ang mga mata ko sa kaiiyak. Bagbag na bagbag ang aking
kalooban. Matindi ang pagdadalamhati ko dahil sa kapahamakang sinapit ng

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

aking bayan; nakahandusay sa mga lansangan ang mga bata at ang mga
sanggol.

12Nag-iiyakan sila at patuloy na humihingi ng pagkain at inumin.
Nanlulupaypay sila na parang mga sugatan sa mga lansangan. Unti-unting
nangangapos ang mga hininga sa kandungan ng kanilang mga ina.

13Ano ang masasabi ko sa iyo, O Jerusalem, Jerusalem, lunsod na
pinakamamahal ko? Saan kita maitutulad upang ika'y aking maaliw?
Sapagkat sinlawak ng dagat ang iyong kasiraan; tila wala nang pag-asa.

14Ang sinasabi ng inyong mga propeta ay pawang kasinungalingan.
Dinadaya nila kayo sa hindi nila paglalantad ng inyong kasamaan.
Pinapaniwala nila kayo na hindi na ninyo kailangang magsisi sa inyong mga
kasalanan.

15O lunsod ng Jerusalem, hinahamak ka't pinagtatawanan ng lahat ng
nagdaraan. Sinasabi nila, "Ito ba ang lunsod na huwaran ng kagandahan? Ito
ba ang kagalakan ng lahat ng bansa?"

16Iniismiran ka ng iyong mga kaaway at kanilang sinasabi, "Nawasak na rin
natin siya! Sa wakas bumagsak din siya sa ating mga kamay."

17Isinagawa nga ni Yahweh ang kanyang balak; tinupad niya ang kanyang
banta. Walang awa niya tayong winasak; pinagtagumpay niya ang ating
kaaway at dinulutan ng kagalakan sa paglupig sa atin.

18Dumaing ka nang malakas kay Yahweh, Jerusalem. Araw-gabi, hayaan
mong umagos ang iyong luha gaya ng ilog; huwag kang tumigil sa iyong pag-
iyak.

19Bumangon ka't humiyaw nang paulit-ulit sa magdamag, sa bawat
pagsisimula ng oras ng pagbabantay. Tulad ng tubig, ibuhos mo sa harapan
ni Yahweh ang laman ng iyong puso! Itaas mo sa kanya ang iyong mga
kamay alang-alang sa iyong mga anak; nanlulupaypay sila sa gutom,
nakahandusay sa mga lansangan.

20Yahweh, tingnan mo kung sino ang iyong pinaparusahan. Matuwid bang
kainin ng mga babae ang kanilang supling, na sa kanila rin naman
nanggaling? O dapat bang patayin sa templo ang pari at ang propeta?

21Naghambalang sa mga lansangan ang patay, bata't matanda, dalaga't
binata. Nilipol mo sila nang araw na ikaw ay magalit; walang awa mo silang
pinatay.

22Aking mga kalaban iyong inanyayahan; tuwang-tuwa sila na para bang
nasa pistahan. Kaya ang mga anak kong inaruga sa mga kaaway ko'y
pinapuksa, dahil sa araw na iyon galit mo'y matindi.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Panaghoy 3

### Parusa, Pagsisisi at Pag-asa

1Naranasan ko kung gaano kahirap ang maparusahan ng Diyos.

2Itinaboy niya ako sa lugar na wala kahit bahagyang liwanag.

3Walang awa niya akong hinahampas sa buong maghapon.

4Tadtad ng sugat ang buo kong katawan at bali-bali ang aking mga buto.

5Ibinilanggo niya ako sa kalungkutan at pagdurusa.

6Isinadlak niya ako sa kadiliman, laging nasa bingit ng kamatayan.

7Ginapos niya ako para hindi makatakas, pinalibutan ako ng pader na mataas.

8Nanambitan man ako at humingi ng tulong, hindi niya dininig ang aking dalangin.

9Susuray-suray ako sa tindi ng hirap, at kahit saan ako bumaling ay may pader na nakaharang.

10Siya'y parang osong nag-aabang sa akin; at parang leong nag-aantay.

11Hinabol niya ako saka niluray; at iniwang nakahandusay.

12Iniakma niya ang kanyang pana, at ako ang ginawang tudlaan.

13Tinamaan ako sa aking puso ng kanyang mga palaso.

14Buong araw ako'y pinagtatawanan; sa mga kwentuhan ako ay biruan.

15Pawang kapaitan at kalungkutan ang ipinalasap niya sa akin.

16Inginudngod niya sa lupa ang aking mukha at idinikdik sa bato ang aking bibig.

17Naglaho sa akin ang bakas ng kalusugan, maging kapayapaan at kaligayahan man.

18Kaya't sinasabi ko, “Nawala na ang aking lakas at ang aking pag-asa kay Yahweh.”

19Simpait ng apdo ang alalahanin sa aking paghihirap at kabiguan.

20Lagi ko itong naaalaala, at ako'y labis na napipighati.

21Gayunma'y nanunumbalik ang aking pag-asa kapag naalala kong:

22Pag-ibig mo, Yahweh, ay hindi nagmamaliw; kahabagan mo'y walang kapantay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Ito ay laging sariwa bawat umaga; katapatan mo'y napakadakila.

24Si Yahweh ay akin, sa kanya ako magtitiwala.

25Si Yahweh ay mabuti sa mga nananalig at umaasa sa kanya,

26kaya't pinakamainam ang buong tiyagang umasa sa ating kaligtasang si Yahweh ang may dala.

27At mabuti sa isang tao na siya'y matutong magtiyaga mula sa kanyang kabataan.

28Kung siya'y palasapin ng kahirapan, matahimik siyang magtiis at maghintay;

29siya'y magpakumbaba sa harapan ni Yahweh, at huwag mawalan ng pag-asa.

30Tanggapin ang lahat ng pananakit at paghamak na kanyang daranasin.

31Mahabagin si Yahweh at hindi niya tayo itatakwil habang panahon.

32Bagaman siya'y nagpaparusa, hindi naman nawawala ang kanyang pag-ibig.

33Hindi niya ikatutuwang tayo'y saktan o pahirapan.

34Hindi nalilingid kay Yahweh kung naghihirap ang ating kalooban,

35maging ang ating karapatan, kung tayo'y pagkaitan.

36Kung ang katarungan ay hayagang tinutuya, siguradong si Yahweh ay hindi magpapabaya.

37Walang anumang bagay na mangyayari, nang hindi sa kapahintulutan ni Yahweh.

38Nasa kapangyarihan ng Kataas-taasang Diyos ang masama at mabuti.

39Bakit tayo magrereklamo kapag tayo'y pinaparusahan kung dahil naman ito sa ating mga kasalanan?

40Siyasatin nati't suriin ang ating pamumuhay, at tayo'y manumbalik kay Yahweh!

41Dumulog tayo sa Diyos at tayo'y manalangin:

42“Kami'y nagkasala at naghimagsik, at hindi mo kami pinatawad.

43“Sa iyong matinding galit ay hinabol mo kami at walang awang pinatay.

44Ang galit mo'y tila makapal na ulap na hindi malampasan ng aming mga dalangin.

45Ginawa mo kaming tambakan ng kasamaan ng sanlibutan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

46“Kinukutya kami ng aming mga kaaway;

47nagdaan na kami sa pagkawasak at kapahamakan, naranasan namin ang mabingit sa panganib at manginig sa takot.

48Hindi mapigil ang pagbalong ng aking mga luha, dahil sa kapahamakang sinapit ng aking bayan.

49“Walang tigil ang pagdaloy ng aking mga luha,

50hanggang si Yahweh ay tumunghay mula sa langit at kami'y lingapin.

51Nagdadalamhati ako dahil sa sinapit ng mga kababaihan sa aking lunsod.

52“Para akong ibong binitag ng aking mga kaaway, gayong wala silang dahilan upang kamuhian ako.

53Ako'y inihulog nila nang buháy sa isang balon, at tinakpan ng bato ang bunganga nito.

54Lumubog ako sa tubig, at nasabi ko, ‘Wala na akong pag-asang mabuhay pa.’

55“O Yahweh, tinawag ko ang iyong pangalan nang ako'y nasa kailaliman ng balon;

56narinig mo ang aking samo, ‘Huwag mong takpan ang iyong pandinig sa aking paghingi ng tulong!’

57Nilapitan mo ako nang ika'y tawagan ko; sinabi mo sa akin, ‘Huwag kang matakot!’

58“Tinulungan mo ako, Yahweh, at iniligtas mo ang aking buhay.

59Hindi kaila sa iyo ang kasamaang ginawa nila sa akin; bigyan mo ako ng katarungan.

60Nakita mo ang kanilang paghihiganti at masasamang balak laban sa akin.

61“Narinig mo, Yahweh, ang pangungutya nila't mga pakana laban sa akin.

62Nagsasalita at nag-iisip laban sa akin ang mga kaaway ko.

63Mula umaga hanggang gabi kanilang panunuya'y walang pasintabi.

64“O Yahweh, parusahan mo sila, ayon sa kanilang ginawa.

65-66Pahirapan mo sila, at iyong sumpain; habulin mo sila at iyong lipulin!”

## Mga Panaghoy 4

### Naganap ang Pagpaparusa sa Jerusalem

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[1]Kupas na ang kinang ng ginto, nagkalat sa lansangan ang mga bato ng Templo!

[2]Ang mga ipinagmamalaking kabinataan ng Jerusalem ay kasinghalaga ng lantay na ginto, ngunit ngayon ay para na lamang putik na hinugisan ng magpapalayok.

[3]Kahit mga asong-gubat ay nagpapasuso ng kanilang mga tuta, subalit ang aking bayan ay naging malupit, gaya ng mga ostrits sa kanilang mga inakay.

[4]Namamatay sa gutom ang mga batang pasusuhin; namamalimos ang mga bata, ngunit walang magbigay ng pagkain.

[5]Ang mga taong dati'y sagana sa pagkain dahil sa gutom ay namatay na rin. Ang dating mayayaman ay naghahalungkat, umaasang sa basurahan ay may mabubulatlat.

[6]Ang pagpaparusa sa aking bayan ay higit pa sa sinapit ng Sodoma na sa isang kisap-mata'y winasak ng Diyos.

[7]Dati, ang aming mga pinuno ay matuwid at sindalisay ng yelo; sila'y matipuno, malakas at malusog.

[8]Ngayo'y mukha nila'y sing-itim ng alkitran, kanilang mga bangkay sa Jerusalem ay naghambalang. Nangulubot na ang kanilang balat, parang kahoy na natuyo ang kanilang mga buto.

[9]Mabuting di hamak ang masawi ka sa digmaan kaysa naman sa gutom ikaw ay mamatay; at dahil walang makain, labis kang nanghina.

[10]Kalagim-lagim ang naging bunga ng kapahamakang sinapit ng aking bayan. Upang ang ina ay may makain, kanilang supling ang siyang isinaing.

[11]Ibinuhos ni Yahweh ang kanyang matinding poot, sa lunsod ng Zion, lahat kanyang tinupok.

[12]Hindi naniniwala ang lahat ng hari sa sanlibutan, ni ang kanilang mga nasasakupan na mapapasok ng kaaway ang lunsod ng Jerusalem.

[13]Ngunit ito'y naganap dahil sa kasalanan ng mga propeta, at sa kasamaan ng mga pari na nagpapatay sa mga walang sala.

[14]Ang mga pinuno'y parang bulag na palabuy-laboy sa lansangan at natitigmak ng dugo, kaya walang mangahas lumapit sa kanila.

[15]“Lumayo kayo, kayong marurumi! Huwag kayong lalapit sa amin!” sabi ng mga tao; kaya't sila'y naging pugante't palabuy-laboy, ni isang bansa'y walang nais tumanggap sa kanila.

[16]Hindi na sila pinahalagahan ni Yahweh, kaya sila'y pinangalat niya. Hindi na niya kinilala ang mga pari at ang mga pinuno.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[17]Nanlabo na ang aming paningin sa paghihintay sa tulong na hindi na dumating; naghintay kami sa isang bansang wala namang maitulong.

[18]Ang kaaway ay laging nakabantay kaya't hindi kami makalabas sa lansangan; nabibilang na ang aming mga araw, malapit na ang aming wakas.

[19]Ang mga humahabol sa amin ay higit na mabilis kaysa mga agila sa himpapawid; tinugis nila kami sa mga kabundukan, maging sa ilang ay inaabangan.

[20]Nabihag nila ang aming tagapagtanggol, ang itinalaga ni Yahweh, na inaasahan naming mangangalaga sa amin laban sa mga kaaway.

[21]Magalak ka't matuwa, bayan ng Edom at Uz; subalit ang kapahamakang ito'y inyo ring mararanasan, malalagay ka rin sa lubos na kahihiyan.

[22]Pinagdusahan na ng Zion ang kanyang mga kasalanan kaya't lalaya na siya mula sa pagkabihag; ngunit paparusahan ni Yahweh ang Edom dahil sa kanyang kalikuan, at ibubunyag ang kanyang mga kasalanan.

## Mga Panaghoy 5

### Dalanging Paghingi ng Awa

[1]Gunitain mo, Yahweh, ang nangyari sa amin; masdan mo ang sinapit naming kahihiyan!

[2]Ang aming mana ay ibinigay sa mga dayuhan, at ang aming mga tahanan nama'y ipinagkaloob sa mga taga-ibang bayan.

[3]Ang aming mga ama'y pinatay ng mga kaaway; kaya't aming mga ina, wala nang kaagapay.

[4]Kailangang bayaran namin ang tubig na iinumin, pati ang panggatong ay binibili na rin.

[5]Pinagtrabaho kaming parang mga hayop, hindi man lamang pinagpapahinga.

[6]Para lang magkaroon ng sapat na pagkain, nakipagkasundo kami sa Egipto at Asiria.

[7]Nagkasala nga ang aming mga ninuno, at dahil sa kanila kami ay nagdurusa.

[8]Mga alipin ang namamahala sa amin; walang makapagligtas sa amin mula sa kanilang mga kamay.

[9]Sa paghahanap ng pagkain, nanganganib ang aming buhay, sapagkat naglipana ang aming mga kaaway.

[10]Dahil sa matinding gutom, nag-aapoy ang aming katawan, para kaming nakalagay sa mainit na pugon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Ang aming mga asawa ay ginahasa sa Zion, ang mga dalaga nama'y pinagsasamantalahan sa mga bayan ng Juda.

12Ginagapos at ibinibitin ang mga pinuno; at ang matatanda ay hindi na nirespeto.

13Ang mga kabataang lalaki'y pinagtatrabahong parang alipin; nakukuba sa bigat ng pasan nilang kahoy ang mga batang lalaki.

14Ayaw nang magpulong ang matatanda ng bayan, ayaw nang tumugtog ng mga kabataan.

15Naparam ang kagalakan sa aming puso; ang aming pagsasaya ay naging pagluluksa.

16Walang natira sa aming ipinagmamalaki; “tayo'y nagkasala kaya tayo'y nagdurusa!”

17Nanlupaypay kami, at nagdilim ang aming paningin,

18pagkat iniwan ng tao ang Bundok ng Zion, mga asong-gubat na lang ang naninirahan doon.

19Ngunit ikaw, O Yahweh, ang hari magpakailanman, ang iyong luklukan ay walang katapusan.

20Kay tagal mo kaming pinabayaan. Kailan mo kami aalalahaning muli?

21Ibalik mo kami, O Yahweh, sa dati naming kaugnayan sa iyo!

22Talaga bang itinakwil mo na kami? Sukdulan na bang talaga ang galit mo sa amin?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Ezekiel

## Ezekiel 1

### Ang Pangitain tungkol sa Kaluwalhatian ng Diyos

1Akong si Ezekiel ay isa sa mga dinalang-bihag sa baybay ng Ilog Kebar. Noong ikalimang araw ng ikaapat na buwan ng ikatatlumpung taon, nabuksan ang langit at isang pangitain mula sa Diyos ang aking nakita.

2Ikalimang araw noon ng ikaapat na buwan ng ikalimang taon ng pagkatapon kay Haring Jehoiakin.

3Ako na isang pari at anak ni Buzi ay nasa Babilonia sa baybayin ng Ilog Kebar nang magpahayag sa akin si Yahweh.

4Nang ako'y tumingala, naramdaman ko ang malakas na hanging nagmumula sa hilaga at nakita ko ang makapal na ulap na naliligid ng liwanag. Tuwing kikidlat, may isang bagay na kumikislap, parang makinang na tanso.

5Sa sentro ng bagyong ito, may apat na nilalang na buháy na anyong tao.

6Sila'y may tig-aapat na mukha at pakpak.

7Tuwid ang kanilang mga binti. Ang mga paa nila'y parang paa ng guya at tila makinang na tanso.

8Nasa ilalim ng kanilang mga pakpak ang kanilang mga kamay na parang kamay ng tao.

9Magkakadikit ang kanilang mga pakpak. Hindi na sila kailangang pumihit saanman nila gustong pumunta sapagkat nakaharap sila kahit saan.

10Sa harap, mukha silang tao. Sa kanang tagiliran, mukhang leon. Sa kaliwa naman ay mukha silang toro at mukhang agila sa likuran.

11Ang tig-dalawa nilang pakpak ay nakabukang pataas at magkaabot ang dulo. Ang tig-dalawa naman ay nakatakip sa kanilang katawan.

12Hindi na nga sila kailangang pumihit saanman nila gustong pumunta sapagkat nakaharap sila sa lahat ng dako.

13Sa gitna nila ay may naglalagablab na apoy na parang sulo, at nagpapalipat-lipat sa apat na nilalang na buháy. Maningning ang liwanag niyon at pinagmumulan ng kidlat.

14Ang apat na nilalang ay nagpaparoo't paritong simbilis ng kidlat.

15Nang tingnan kong muli ang apat na nilalang, may nakita akong tig-isang gulong sa tabi nila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Ang mga ito ay kumikislap na parang topaz. Iisa ang ayos nila at parang ang isa'y nakapaloob sa isa.

17Ang mga ito'y hindi na kailangang ipihit saanman ito gustong pagulungin pagkat nakaharap kahit saan.

18Ang bawat gulong ay puno ng mga mata sa palibot.

19Paglakad ng apat na nilalang, kasunod ang mga gulong. Kapag sila'y tumaas, tumataas din ang mga gulong.

20Saanman gumawi ang apat na nilalang ay kasunod ang apat na gulong pagkat ang apat na nilalang ang nagpapagalaw sa apat na gulong.

21Kaya paglakad ng apat na nilalang, lakad din ang mga gulong. Pagtigil naman, tigil din sila. Pagtaas, taas din sila. Anuman ang gawin ng apat na nilalang ay ginagawa ng apat na gulong.

22Sa ulunan ng apat na nilalang, naroon ang isang bubungang tila kristal.

23Sa ilalim nito'y magkakaabot na nakabuka ang tigalawang pakpak ng apat na nilalang, at ang tigalawa'y nakatakip sa kanilang katawan.

24Nang sila'y lumipad, parang lagaslas ng malaking baha ang dinig ko sa pagaspas ng kanilang mga pakpak; parang ugong ng tinig ng Diyos na Makapangyarihan, parang ragasa ng isang malaking hukbo. Nang sila'y tumigil, ibinabâ nila ang kanilang mga pakpak.

25At mula sa ibabaw ng bubungan, narinig ang isang malakas na tinig. Nang tumigil nga ng paglipad ang apat na nilalang, binayaan nilang nakalaylay ang kanilang mga pakpak.

26Sa ibabaw ng bubungan, naroon ang tila tronong yari sa safiro at may nakaupong parang isang tao.

27Mula sa baywang nito pataas ay may nagniningning na tila makinis na tanso. Sa ibaba naman ay may nakapalibot na apoy na nakakasilaw,

28na ang kulay ay parang bahaghari. Ganyan ang katulad ng kaluwalhatian ni Yahweh. Nang makita ko ito, ako'y nagpatirapa, at may narinig akong tinig.

## Ezekiel 2

### Ang Pagsusugo kay Ezekiel

1Sinabi sa akin ng tinig, “Ezekiel, anak ng tao, tumayo ka at may sasabihin ako sa iyo.”

2Kasabay noon, nilukuban ako ng kanyang Espiritu at itinayo ako upang pakinggan ang kanyang sasabihin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[3]Ang sabi niya, "Ezekiel, anak ng tao, susuguin kita sa Israel, sa bansang suwail. Pagkat mula sa kanilang ninuno, naghihimagsik na sila sa akin hanggang ngayon.

[4]Matigas ang kanilang ulo at walang pitagan. Kaya puntahan mo sila at sabihin mong ito ang ipinapasabi ng Panginoong Yahweh.

[5]Makinig man sila o hindi, malalaman nilang may isang propeta sa kanilang kalagitnaan.

[6]Huwag kang matatakot sa kanila kahit pagbantaan ka nila, kahit na paligiran ka nila na waring nakaupo ka sa gitna ng mga alakdan. Huwag ka ngang masisindak sa kanila bagama't sila'y talagang mapaghimagsik.

[7]Sa makinig sila o sa hindi, sabihin mo sa kanila ang ipinapasabi ko sa iyo, pagkat sila'y talagang mapaghimagsik.

[8]"Ezekiel, anak ng tao, pakinggan mo ang sinasabi ko sa iyo. Huwag kang tutulad sa kanila na naghimagsik sa akin. Ngumanga ka. Kainin mo ito."

[9]Nang ako'y tumingala, may isang kamay na nag-abot sa akin ng isang kasulatan.

[10]Iniladlad ito at nabasa ko sa magkabila ang mga panaghoy, pagdadalamhati, at paghihirap.

## Ezekiel 3

[1]Sinabi pa sa akin, "Kainin mo ang aklat na ito. Pagkatapos, magpahayag ka sa sambahayan ni Israel."

[2]Ngumanga ako upang kanin ang aklat.

[3]Sinabi niya sa akin, "Kainin mo ito at magpakabusog ka." Kinain ko nga ang aklat. Sa aking panlasa ito'y kasintamis ng pulot-pukyutan.

[4]Sinabi niya sa akin, "Ezekiel, anak ng tao, pumunta ka sa sambayanang Israel at sabihin mo ang ipinapasabi ko sa iyo.

[5]Ang pupuntahan mo ay ang sambayanang Israel, at hindi ibang bansang mahirap unawain ang salita.

[6]Ang pupuntahan mo'y mga taong nakakaunawa sa mga sasabihin mo.

[7]Ngunit hindi sila makikinig sa iyo pagkat ako mismo'y ayaw nilang pakinggan. Matigas ang ulo nila.

[8]Ngunit ikaw ang gagawin kong katapat nila. Patitigasin ko ang iyong kalooban, tulad nila.

[9]Patatatagin kita tulad ng isang batong-buháy. Huwag kang matatakot sa mapaghimagsik na sambayanang iyon."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Sinabi pa niya sa akin, “Pakinggan mong mabuti at tandaan itong sasabihin ko:

11Pumunta ka sa mga kababayan mong dinalang-bihag na tulad mo. Sa makinig sila at sa hindi, sabihin mo ang ipinapasabi ko.”

12Ako'y itinaas ng Espiritu, at narinig ko ang ugong ng isang malakas na tinig na nagsasabi: Purihin ang kaluwalhatian ni Yahweh, ang Panginoon ng kalangitan.

13At narinig ko ang pagaspas ng pakpak ng mga nilalang na buháy at ugong ng kanilang mga gulong na parang ugong ng malakas na lindol.

14Naramdaman ko ang kapangyarihan ni Yahweh at nag-aalab ang galit ko habang ako'y inililipad ng Espiritu.

15At dumating ako sa Tel-abib, sa baybay ng Ilog Kebar, sa lugar ng mga dinalang-bihag. Pitong araw akong natigilan at hindi makapagsalita.

**Ang Bantay ng Israel**

16Pagkaraan ng pitong araw, sinabi sa akin ni Yahweh,

17“Ezekiel, anak ng tao, ginagawa kitang bantay ng bansang Israel. Makinig ka sa aking sasabihin, at bigyan mo sila ng babala.

18Kapag sinabi kong tiyak na mamamatay ang mga taong masama, at hindi mo sila binigyan ng babala upang sila'y makapagsisi, ang mga tao ngang iyon ay mamamatay dahil sa kanilang kasalanan; ngunit pananagutan mo sa akin ang kanilang kamatayan.

19Subalit kapag binigyan mo sila ng babala, at hindi sila nagsisi sa kanilang kasamaan, mamamatay nga sila dahil sa kanilang mga kasalanan; ngunit hindi mo iyon pananagutan.

20Kapag nagpakasama ang isang matuwid, ilalagay ko siya sa panganib. Mawawalan ng kabuluhan ang kabutihang ginawa niya noong una at mamamatay nga siya dahil sa kanyang kasalanan. Kapag hindi mo siya binigyan ng babala, pananagutan mo sa akin ang kanyang kamatayan.

21Ngunit kapag binigyan mo ng babala ang mga taong matuwid, at sila'y lumayo sa kasamaan, hindi sila mamamatay; at wala kang pananagutan.”

**Pansamantalang Ginawang Pipi si Ezekiel**

22Hinawakan ako ni Yahweh at sinabi sa akin, “Tumayo ka. Magpunta ka sa kapatagan at may sasabihin ako sa iyo.”

23Tumayo nga ako at nagpunta sa kapatagan. Pagdating doon, nakita ko ang kaluwalhatian ni Yahweh, tulad ng nakita ko sa baybayin ng Ilog Kebar. Nagpatirapa ako sa lupa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Ngunit nilukuban ako ng Espiritu, itinindig niya ako at sinabi sa akin, "Umuwi ka at magkulong sa iyong bahay.

25Doon ay gagapusin ka upang hindi ka makasama sa iyong mga kababayan.

26Ididikit ko ang dila mo sa iyong ngalangala para hindi mo mapagsabihan ang mapaghimagsik mong mga kababayan.

27At kung may gusto akong ipasabi sa iyo, muli kang makapagsasalita. Kung magkagayon, sasabihin mo sa kanila ang ipasasabi ko. Kung gusto nilang makinig sa iyo, makinig sila; kung ayaw nila, huwag; sapagkat sila'y tunay na mapaghimagsik na sambayanan."

## Ezekiel 4

### Ang Halimbawa ng Pagkubkob sa Israel

1Sinabi pa sa akin ng Diyos, "Ezekiel, anak ng tao, kumuha ka ng tisa. Ilagay mo iyon sa iyong harapan, at iguhit mo roon ang lunsod ng Jerusalem.

2Upang ipakita ang isang pagkubkob, paligiran mo ito ng muog at mga tanggulan, at umangan ng malalaking trosong pambayo.

3Kumuha ka ng platong bakal at ilagay mo na parang pader sa pagitan mo at ng lunsod. Huwag mo itong iiwan ng tingin. Ito ay kukubkubin at ikaw ang kukubkob. Magiging palatandaan ito sa bansang Israel.

4"Pagkatapos, mahiga ka nang nakatagilid sa kaliwa at ipapataw ko sa iyo ang bigat ng parusa sa Israel. Kung gaano katagal kong ipataw sa iyo ang parusa, ganoon din ang pagpaparusa sa kanila.

5Sa loob ng 390 araw, mananatili ka sa ganoong ayos; bawat araw ay katumbas ng isang taon.

6Pagkatapos, bumiling ka sa kanan upang dalhin ang kaparusahan ng Juda sa loob ng apatnapung araw. Bawat araw ay katumbas ng isang taon.

7Pagkatapos, humarap ka sa Jerusalem. Iunat mong paharap doon ang iyong kamay na nakalilis ang manggas ng iyong baro, at magpahayag ka laban sa lunsod na iyon.

8Ngunit gagapusin kita hanggang hindi natatapos ang gagawin mong pagkubkob, para hindi ka makabiling.

9"Ngayon, kumuha ka ng trigo, sebada, bitsuwelas, lentil, batad, at espelta. Paghalu-haluin mo ito sa isang sisidlan at lutuin. Ito ang kakanin mo sa loob ng 390 araw habang ikaw ay nakahigang patagilid sa kaliwa.

10May takda ang pagkain mo araw-araw: isang beses maghapon at mahigit na isang kilo lamang araw-araw.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11May takda rin ang iyong pag-inom: isang beses maghapon at halos isang litro lang sa isang araw.

12Magluto ka ng bibingkang sebada na dumi ng tao ang panggatong. Kanin mo nang nakikita ng mga tao.

13Ganyan ang magiging pagkain ng Israel saan ko man sila itapon."

14Sumagot ako, "Ngunit Panginoong Yahweh, alam mong hindi ako nagpapakarumi sa aking sarili. Mula sa aking pagkabata ay hindi ako tumikim ng anumang namatay nang kusa o nilapa ng hayop. Hindi rin ako tumikim ng anumang karumal-dumal na karne."

15Sinabi niya sa akin, "Kung gayon, dumi ng baka ang igatong mo sa halip na dumi ng tao."

16Sinabi pa niya sa akin, "Ezekiel, anak ng tao, babawasan ko na ang tinapay na kinakain araw-araw sa Jerusalem. Tatakalin na nila ang kanilang kakanin at iinumin. Paghaharian na sila ng pangamba at kabalisahan.

17Gagawin ko ito sa kanila hanggang sa sila'y pagharian ng sindak. Gayon sila pahihirapan dahil sa kanilang kasamaan."

## Ezekiel 5

### Inahit ni Ezekiel ang Kanyang Buhok at Balbas

1Sinabi sa akin ng Diyos, "Ezekiel, anak ng tao, kumuha ka ng isang matalim na tabak at ahitin mo ang iyong buhok at balbas. Pagkatapos, timbangin mo iyon at pagtatluhing bahagi.

2Sunugin mo sa gitna ng lunsod ang unang bahagi matapos itong kubkubin. Ang ikalawang bahagi ay tadtarin mo habang naglalakad ka sa buong lunsod. Ihagis mo naman sa hangin ang ikatlong bahagi at pasusundan ko ng tabak.

3Kumuha ka ng ilang hibla ng buhok at itali mo sa laylayan ng iyong kasuotan.

4Kapag naitali mo na, kumuha ka pa ng ilang hibla at sunugin mo. Ang apoy nito ay kakalat at susunog sa buong Israel."

5Sinabi ng Panginoong Yahweh, "Ang lunsod ng Jerusalem ay ginawa kong pinakasentro ng mga bansa.

6Ngunit nilabag niya ang aking Kautusan at mga tuntunin. Nagpakasama siya nang higit pa sa mga bansa sa kanyang paligid. Tinalikuran nga niya ang aking Kautusan at iniwan ang aking mga tuntunin.

7Kaya, ganito ang sabihin mo sa kanila: Dahil sa kaguluhan mong higit pa sa bansa sa inyong paligid, sa pagtalikod ng mamamayan mo sa aking mga tuntunin at Kautusan, at sa inyong paglakad ayon sa tuntunin ng mga bansang iyon,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8ako ay laban sa inyo ngayon. Paparusahan ko kayo sa harapan ng inyong mga kaaway.

9At dahil sa inyong kasamaan, gagawin ko sa inyo ang isang bagay na hindi ko pa ginagawa at hindi ko na gagawin pa.

10Kakainin ng magulang ang kanilang mga sariling anak, at ng mga anak ang kanilang mga sariling magulang. Paparusahan ko nga kayo, at ang matirang buháy ay pangangalatin ko sa lahat ng dako.

11Kayong lahat ay buong lupit kong ibabagsak dahil sa inyong kasamaan at paglapastangan sa aking Templo sa pamamagitan ng kasuklam-suklam ninyong gawain.

12Hahatiin ko kayo sa tatlo. Ang unang bahagi ay papatayin ko sa salot at sa matinding taggutom. Ang ikalawa'y sa pamamagitan ng tabak. Ang ikatlo'y ikakalat ko sa lahat ng dako, at patuloy kong uusigin.

13“Ibubuhos ko sa inyo ang aking poot hanggang sa gumaan ang aking loob. Kung madama ninyo ang bigat ng aking parusa, makikilala ninyo na akong si Yahweh ay marunong mapoot dahil sa matinding panibugho.

14Gagawin ko kayong isang pook ng lagim, at katatawanan ng lahat ng bansa sa paligid, ng lahat ng makakakita sa inyo.

15Mabibilad kayo sa kahihiyan at lilibakin. Magsisilbi kayong babala sa mga bansa sa inyong paligid sa sandaling ipataw ko sa inyo ang mabigat na parusa bunga ng matinding poot ko sa inyo. Akong si Yahweh ang nagsabi nito.

16Mangyayari ito sa sandaling padalhan ko kayo ng matinding taggutom at iba't ibang kahirapan.

17Padadalhan ko kayo ng taggutom at mababangis na hayop na siyang lalapa sa inyong mga anak. Makakaranas kayo ng salot at digmaan; hahayaan ko rin kayong usigin. Akong si Yahweh ang maysabi nito.”

## Ezekiel 6

### Ang Pahayag Laban sa mga Bundok ng Israel

1Sinabi sa akin ni Yahweh,

2“Humarap ka sa mga bundok ng Israel at magpahayag laban sa kanila.

3Sabihin mo, ‘Mga bundok ng Israel, dinggin ninyo itong ipinapasabi ng Panginoong Yahweh: Tutugisin ko kayo ng tagâ. Gigibain ko ang inyong dambana sa mga burol.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Gagawin kong pook ng lagim ang inyong mga altar. Gigibain ko ang dambanang sunugan ninyo ng insenso, at papatayin ko kayo sa harap ng inyong mga diyus-diyosan.

5Ang mga patay na Israelita'y ibubunton ko sa harapan ng inyong mga diyus-diyosan, at ikakalat ko sa inyong altar ang mga buto ninyo.

6Saanman kayo magtayo ng bayan, ito'y gigibain ko. Wawasakin ko ang inyong dambana sa mataas na dako. Dudurugin ko ang inyong mga diyus-diyosan, ibabagsak ang inyong mga dambanang sunugan ng insenso, at ipagtatatapon ang inyong mga ginawa.

7Maraming mamamatay sa inyo. Sa gayon, makikilala ninyong ako si Yahweh.'

8"May ilan akong ititira sa inyo ngunit mangangalat sila sa iba't ibang panig ng daigdig,

9at mabibihag ng ibang bansa. Kapag sila'y naroon na sa dakong pagdadalahan sa kanila, maaalala nila kung gaano kalaki ang pagdaramdam ko dahil sa pagtalikod nila sa akin upang maglingkod sa mga diyus-diyosan. At sila mismo'y masusuklam sa kanilang sarili dahil sa ginawa nilang kasamaan.

10Sa gayon, makikilala nilang ako si Yahweh at malalaman nilang hindi panakot lamang ang parusang ipapataw ko sa kanila."

### Ang mga Kasalanan ng Israel

11Ipinapasabi ng Panginoong Yahweh, "Pumalakpak ka't pumadyak, at sabihing mabuti nga sa sambahayan ng Israel. Uubusin kayo sa pamamagitan ng tabak, ng salot at ng taggutom.

12Ang nasa malayo ay mamamatay sa salot, at sa tabak naman ang nasa malapit. Ang matirang buháy ay papatayin naman sa gutom. Ganyan ang gagawin ko upang ipadama sa kanila ang aking matinding galit.

13Makikilala nga nilang ako si Yahweh kapag nakita nilang naghalang ang patay sa harap ng kanilang mga diyus-diyosan, sa mga burol, mga bundok, sa ilalim ng mga punongkahoy at malalagong puno ng ensina, o sa alinmang dakong handugan nila ng mababangong samyo para sa kanilang mga diyus-diyosan.

14Paparusahan ko nga sila at alinmang lugar na tirahan nila'y paghaharian ko ng lagim mula sa kaparangan ng Diblat. Sa gayon, makikilala nilang ako si Yahweh."

## Ezekiel 7

### Dumating na ang Wakas

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Sinabi sa akin ni Yahweh,

2“Sabihin mo sa bayang Israel: Dumating na ang wakas! Dumating na ang wakas sa apat na sulok ng daigdig.

3Dumating na ngayon ang inyong katapusan. Ibubuhos ko na sa inyo ang aking matinding poot at hahatulan ko kayo ayon sa inyong mga gawa. Paparusahan ko kayo dahil sa inyong kasamaan.

4Wala akong patatawarin isa man. Paparusahan ko kayo dahil sa inyong kasamaan. Sa gayon, makikilala ninyong ako si Yahweh.”

5Ipinapasabi ng Panginoong Yahweh, “Hindi na magtatagal at sunud-sunod na kasawian ang aabot sa inyo.

6Dumating na ang wakas! Ito na ang inyong katapusan.

7Dumating na ang inyong katapusan, mga mamamayan ng lupain. Dumating na ang panahon, malapit na ang araw ng kaguluhan. Tapos na ang masasayang araw sa tuktok ng bundok.

8Ibubuhos ko ngayon sa inyo ang aking poot. Uubusin ko sa inyo ang matinding galit ko. Hahatulan ko kayo ayon sa inyong mga gawa. Paparusahan ko kayo dahil sa inyong kasamaan.

9Wala akong patatawarin ni isa man. Paparusahan ko nga kayo dahil sa inyong kasamaan. Sa gayo'y malalaman ninyo na akong si Yahweh ay talagang nagpaparusa.

10“Ngayon na ang araw! Ito na ang inyong katapusan. Sukdulan na ang inyong kapalaluan. Laganap na ang karahasan.

11Laganap na ang karahasan at kasamaan. Walang ititira sa kanila, lahat ay mawawala: kasaganaan, kayamanan, kabantugan.

12Dumarating na ang panahon. Malapit na ang araw. Nagsisisi ang mga namili at natutuwa ang nagbenta; ang poot ng Diyos ay nag-aalab sa kanila at sila'y pare-parehong babagsakan ng poot ng Diyos.

13Ang mga ipinagbili ay di na maisasauli sa nagbenta kahit sila mabuhay; wala nang saulian dahil sa kaguluhan. Sila'y pare-parehong babagsakan ng poot ng Diyos at dahil sa kanilang kasamaan, walang matitirang buháy.

**Ang Parusa sa Israel**

14“Humudyat na ang tambuli at handa na ang lahat ngunit walang lumabas upang makipagbaka pagkat pare-pareho silang inabot ng aking poot.

15Nasa labas ng bayan ang digmaan, nasa loob naman ang salot at taggutom. Ang nasa bukid ay namamatay sa digmaan. Ang nasa loob ng bayan ay nauubos sa salot at taggutom.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[16]Kung may makatakas man sa bundok, sila'y matatagpuan sa mga bundok, na parang mga kalapating lumisan sa mga libis; sila'y nangangatog sa takot dahil sa kanilang kasamaan.

[17]Lahat ng kamay ay nanghihina at bawat tuhod ay nangangatog.

[18]Bawat isa'y nakabalot ng sako, pinaghaharian ng matinding takot. Ang kanilang mga ulo'y naahitan, nakatungo dahil sa laki ng kahihiyan.

[19]Ipinagtatapon na sa lupa ang kanilang pilak. Ang mga ginto'y wala nang halaga. Ang pilak at ginto nila'y walang maitulong sa kanila sa araw ng poot ni Yahweh. Hindi mapawi ng mga ito ang kanilang gutom, hindi nila ito makain. Ibinagsak sila ng sariling kasamaan.

[20]Ang naggagandahan nilang hiyas na ginamit sa kapalaluan at ginawang diyus-diyosan at iba pang kasuklam-suklam na mga bagay ay ginawa kong walang kabuluhan.

[21]Ang pilak at ginto nila'y pababayaan kong nakawin ng ibang tao at ipasasamsam sa mga taong walang Diyos, pati itinuturing nilang sagrado upang ipasalaula sa mga ito.

[22]Sila'y tatalikuran ko. Pababayaan kong salaulain pati ang aking Templo. Papasukin ito ng mga magnanakaw, sasalaulain, at gagawing isang dakong mapanglaw.

[23]“Naghahari ang kaguluhan; laganap ang patayan sa lunsod at ito'y pinaghaharian ng karahasan.

[24]Ang mga tirahan nila'y ipasasamsam ko sa pinakamasasamang bayan. Wawakasan ko na ang kanilang pagpapalalo at hahayaan kong masalaula ang kanilang banal na dako.

[25]Darating sa kanila ang kaguluhan. Hahanapin nila ang kapanatagan ngunit hindi nila ito makikita.

[26]Darating din sa kanila ang sapin-saping kapahamakan at nakakapangilabot na balita. Kaya't sasangguni sila sa propeta ngunit wala itong maipapahayag sa kanila. Hihingi sila ng payo sa mga pari ngunit wala itong maisasagot sa kanila. Pati ang matatanda'y walang masasabi sa kanila.

[27]Mananaghoy ang hari, sasakmalin ng takot ang mga pinuno at manginginig sa takot ang mga karaniwang tao. Gagawin ko sa kanila ang nararapat sa kanilang gawa at hahatulan sila ayon sa kanilang pamumuhay. Sa gayon, malalaman nilang ako si Yahweh.”

# Ezekiel 8

### Ang Pangitain tungkol sa Kasuklam-suklam na Gawain ng Israel

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[1]Ikalimang araw ng ikaanim na buwan ng ikaanim na taon. Kaharap ko noon sa aming bahay ang pinuno ng Juda nang ako'y lukuban ng kapangyarihan ng Panginoong Yahweh.

[2]Nagkaroon ako ng pangitain. May nakita akong parang tao. Ang ibaba ng kanyang baywang ay parang apoy at sa itaas ay maningning na parang makinis na tanso.

[3]Nakita kong iniunat ang tila kamay. Hinawakan ako nito sa buhok at itinaas sa kalagitnaan ng langit at ng lupa. Dinala ako sa Jerusalem, sa pagpasok sa patyo, sa gawing hilaga, sa may kinalalagyan ng rebulto na naging dahilan ng paninibugho ni Yahweh.

[4]At naroon ang kaluwalhatian ng Diyos ng Israel, tulad ng nakita ko sa pangitain sa kapatagan.

[5]Sinabi sa akin ni Yahweh, "Ezekiel, anak ng tao, tumingin ka sa gawing hilaga." Tumingin nga ako at sa pagpasok sa altar ay nakita ko ang diyus-diyosang sanhi ng kanyang paninibugho.

[6]Sinabi niya sa akin, "Nakita mo na ang kasuklam-suklam na bagay na ginagawa ng bayang Israel upang ako'y palayasin sa aking santuwaryo? Higit pa riyan ang ipapakita ko sa iyo."

[7]At dinala niya ako sa may pinto ng patyo. Ang nakita ko'y isang butas sa pader.

[8]Sinabi niya sa akin, "Lakihan mo ang butas ng pader." Gayon nga ang ginawa ko at may nakita akong pinto.

[9]Sinabi niya sa akin, "Pumasok ka at tingnan mo ang kasuklam-suklam nilang gawain."

[10]Pumasok nga ako at sa palibot ng pader ay nakita ko ang larawan ng lahat ng hayop na gumagapang, nakakapandiring mga halimaw, at ang iba't ibang diyus-diyosan ng Israel.

[11]Sa harap ng mga ito, nakatayo ang pitumpung matatanda ng Israel sa pangunguna ni Jaazanias na anak ni Safan. Bawat isa'y nagsusunog ng insenso.

[12]Sinabi sa akin ni Yahweh, "Ezekiel, anak ng tao, nakita mo ang ginagawa nila sa madilim na silid na ito? Sinasabi pa nilang hindi ko sila makikita roon sapagkat wala ako roon.

[13]Masahol pa riyan ang makikita mo."

[14]Dinala niya ako sa pintuan sa hilaga ng pagpasok sa Templo, at doo'y may mga babaing nananangis para kay Tamuz.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Sinabi sa akin ni Yahweh, “Nakikita mo ba iyan? Masahol pa riyan ang makikita mo.”

16Dinala niya ako sa patyo sa loob ng Templo. Sa pagitan ng balkonahe at ng altar ay may nakita akong mga dalawampu't limang tao. Nakatalikod sila sa Templo, nakaharap sa silangan at sumasamba sa araw.

17Sinabi sa akin ni Yahweh, “Nakikita mo ba iyan? Maliit na bagay ba ang ginagawa ng sambahayan ng Juda na punuin ng karahasan ang buong lupain? Lalo lang nila akong ginagalit sa ginagawa nilang iyan.

18Kaya nga, paparusahan ko sila. Wala akong patatawarin ni isa man sa kanila. Dumaing man sila sa akin, hindi ko sila diringgin.”

## Ezekiel 9

### Ang Pagpuksa sa Masasama

1Sumigaw si Yahweh, “Halikayo, mga itinalaga upang magpahirap sa lunsod. Dalhin ninyo ang inyong mga sandata.”

2Mula sa pintuan sa hilaga ay pumasok ang anim na taong tigi-tig-isa ng sandata. May kasama silang nakasuot ng kayong lino at may panulat sa baywang. Tumayo sila sa may altar na tanso.

3Noon, ang kaluwalhatian ni Yahweh na nasa pagitan ng mga kerubin ay tumaas papunta sa pasukan ng Templo. Tinawag niya ang lalaking nakadamit ng telang lino at may panulat sa baywang.

4Sinabi niya rito, “Libutin mo ang lunsod ng Jerusalem at lagyan mo ng tatak sa noo ang lahat ng nagdalamhati dahil sa mga kasuklam-suklam na ginawa roon.”

5Sa iba naman ay narinig kong sinabi niya, “Sumunod kayo sa kanya at patayin ninyo ang mga tagaroon. Huwag kayong magtitira

6maliban sa mga may tanda sa noo. Patayin ninyong lahat ang mga tagaroon: matanda, binata, dalaga, babae at bata. Umpisahan ninyo sa santuwaryo.” Inuna nga nilang patayin ang matatandang pinuno ng bayan sa harap ng bahay.

7Sinabi niya sa kanila, “Parumihin ninyo ang Templo at punuin ninyo ng bangkay ang patyo. Sige, umpisahan n'yo na!” Lumakad nga sila at pumatay nang pumatay sa lunsod.

8Ako'y naiwang mag-isa. Habang pumapatay sila, nagpatirapa ako at nanangis. Sinabi ko, “Panginoong Yahweh, aking Diyos, dahil ba sa galit mo sa Jerusalem ay uubusin mo ang nalalabing Israelita?”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Sinabi niya sa akin, “Napakalaki ng pagkakasala ng Israel at ng Juda. Dumadanak ang dugo sa lupain. Nawawala ang katarungan. Sinasabi pa nilang hindi ko sila makikita sapagkat umalis na ako sa lupain.

10Kaya, pagbabayarin ko sila sa ginagawa nila. Wala akong patatawarin ni isa man sa kanila.”

11At bumalik ang lalaking nakasuot ng telang lino, at sinabi kay Yahweh, “Nagawa ko na po ang ipinagagawa ninyo sa akin.”

## Ezekiel 10

### Umalis sa Templo ang Kaluwalhatian ni Yahweh

1Tumingin ako sa ulunan ng mga kerubin at may nakita akong parang trono na waring yari sa safiro.

2Sinabi ni Yahweh sa lalaking nakasuot ng telang lino, “Pumunta ka sa gitna ng mga gulong na umiikot sa ibaba ng kerubin. Dumakot ka ng baga at isabog mo sa buong lunsod.” Gayon nga ang ginawa ng lalaking nabanggit.

3Noon, ang mga kerubin ay nasa gawing timog ng Templo. Pagpasok ng lalaki sa patyo sa loob, ito'y napuno ng makapal na ulap.

4Ang kaluwalhatian ni Yahweh ay umalis sa may kerubin at lumipat sa may pagpasok ng Templo. Napuno rin ito ng ulap at ang buong patyo'y nagliwanag sa kaluwalhatian ni Yahweh.

5Ang pagaspas ng pakpak ng mga kerubin ay dinig hanggang sa patyo sa labas, wari'y ugong ng tinig ng Makapangyarihang Diyos.

6Nang sabihin nga niya sa lalaking nakadamit ng lino na siya'y kumuha ng baga sa gitna ng mga gulong sa ibaba ng mga kerubin, pumunta ito at tumayo sa tabi ng isang gulong.

7Ang isa sa mga kerubin ay dumakot ng baga na nasa kanilang kalagitnaan at ibinigay sa lalaki; at ito'y umalis.

8Ang mga kerubin ay may mga tila kamay nga ng tao sa ilalim ng kanilang mga pakpak.

9Nang ako'y tumingin, nakita kong may isang gulong sa tabi ng bawat kerubin. Ang mga gulong ay kumikislap, tulad ng topaz.

10Magkakamukha ang mga ito at parang iisa.

11Sila'y nakababaling kahit saan, hindi na kailangang pumihit. Saanman gumawi ang nasa unahan, sumusunod ang iba nang hindi na pumipihit.

12Ang kanilang katawan, likod, kamay, pakpak, pati mga gulong ay puno ng mata. Ang mga kerubin ay tig-iisang gulong,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13at ang tawag sa kanila ay “Mga Umiikot na Gulong.”

14Bawat kerubin ay tig-aapat ang mukha: kerubin, tao, leon, at agila.

15Ang mga kerubin ay tumayo. Ito rin ang mga nilalang na buháy na nakita ko sa may Ilog Kebar.

16Paglakad ng mga ito, lumalakad din ang mga gulong; pagtaas ng mga ito, tumataas din ang mga gulong.

17Pagtigil nila, tumitigil din ang mga gulong. Pagtaas noong isa, sunod ang ikalawa pagkat iisa ang nagpapagalaw sa mga nilalang na buháy at sa mga gulong.

18Ang kaluwalhatian ni Yahweh ay umalis sa may pagpasok ng Templo at nagpunta sa may ulunan ng kerubin.

19Lumipad ang mga kerubin kasama ang mga gulong, at tumigil sa may pintuan ng Templo sa gawing silangan. Nasa ulunan pa rin nila ang kaluwalhatian ng Diyos ng Israel.

20Ang mga ito ay siya ring apat na nilalang na nakita ko sa may Ilog Kebar at nalaman kong sila'y mga kerubin.

21Sila'y tig-aapat ang mukha at tig-aapat din ang pakpak at may mga tila kamay sa ilalim ng kanilang mga pakpak.

22Ang mukha nila'y tulad din nang nakita ko sila sa may Ilog Kebar. Kung saan gumawi ang isa ay doon din ang iba.

## Ezekiel 11

### Pinatay ang Masasamang Pinuno

1Pagkatapos, dinala ako ng Espiritu sa pintuan ng Templo sa gawing silangan. May dalawampu't limang tao roon, kasama si Jaazanias na anak ni Azur, at si Pelatia na anak ni Benaias; sila'y mga pinuno ng bayan.

2Sinabi sa akin ni Yahweh, “Ezekiel, anak ng tao, sila ang nagpupunla ng masamang kaisipan sa lunsod na ito.

3Sinasabi nila sa mga tao na hindi na dapat magtayo muli ng mga bahay sapagkat ang siyudad na ito ang matibay na tanggulan.

4Kaya, magpahayag ka laban sa kanila.”

5Nilukuban ako ng Espiritu ni Yahweh at sinabi sa akin, “Sabihin mong ipinapasabi ni Yahweh: Mga Israelita, hindi lingid sa akin ang inyong mga pinagsasabi. Alam ko ang binabalak ninyo.

6Patuloy ang patayan ninyo sa lunsod na ito at nagkalat ang bangkay sa mga lansangan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[7]Kaya, ito ang sinasabi ko: Ang lunsod ay natulad sa kaldero at ang karne ay ang mga bangkay. Hindi kayo dapat manatili rito.

[8]Takot kayo sa tabak kaya ipasasalakay ko kayo sa mga taong bihasa sa paggamit ng tabak.

[9]Iaalis ko kayo sa lunsod na ito at ipapabihag sa mga taga-ibang bayan bilang parusa.

[10]Mamamatay kayo sa tabak sa may hangganan ng Israel. Sa gayon, makikilala ninyong ako si Yahweh.

[11]Kailanma'y hindi ninyo magiging tanggulan ang Jerusalem at hindi kayo magiging ligtas sa loob nito. Paparusahan ko kayo kahit saan kayo magpunta.

[12]Ipapakilala ko sa inyo kung sino ako sapagkat hindi kayo lumakad ayon sa aking mga tuntunin at hindi ninyo sinunod ang aking mga utos. Sa halip, namuhay kayo ayon sa tuntunin ng mga bansang nakapaligid sa inyo."

[13]Nang kasalukuyan akong nagpapahayag, patay na bumagsak si Pelatia. Dahil dito'y tumatangis akong nagpatirapa. Itinanong ko, "Panginoong Yahweh, uubusin mo rin ba ang natitira pang Israelita?"

**Muling Titipunin ang mga Natirang Israelita**

[14]Sinabi sa akin ni Yahweh,

[15]"Ezekiel, anak ng tao, ang mga kapatid mo at mga dinalang-bihag tulad mo, ang buong sambahayan ni Israel, ay pinagsabihan ng mga nakatira ngayon sa Jerusalem ng, 'Lumayo kayo kay Yahweh, ang lupaing ito'y ibinigay na sa amin.'

[16]Kaya, ganito ang sabihin mo sa kanila: 'Pinangalat ko sila sa iba't ibang dako kaya maaari nila akong sambahing pansamantala saanman sila napatapon.'

[17]Sabihin mo na muli ko silang titipunin mula sa mga bansang kinatapunan nila at ibibigay kong muli sa kanila ang lupain.

[18]At pagbalik nila roon, aalisin nila ang mga kasuklam-suklam na mga bagay roon.

[19]Bibigyan ko sila ng bagong puso at bagong espiritu. Ang masuwayin nilang puso ay papalitan ko ng pusong masunurin

[20]upang lumakad sila ayon sa aking mga tuntunin at sumunod sa aking mga utos. Sa gayon, magiging bayan ko sila at ako ang kanilang magiging Diyos.

[21]Ngunit pagbabayarin ko ang mga gumawa ng karumal-dumal at kasuklam-suklam na bagay." Ito ang sabi ng Panginoong Yahweh.

**Inalis ng Panginoong Yahweh ang Kanyang Kaluwalhatian sa Jerusalem**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[22]Pumaitaas ang mga kerubin, kasama ang mga gulong, at ang kaluwalhatian ng Diyos ng Israel ay nasa itaas nila.

[23]Ang kaluwalhatian ni Yahweh ay umalis sa lunsod at nagpunta sa ibabaw ng bundok sa gawing silangan.

[24]Inilipad ako ng Espiritu at sa pamamagitan ng pangitain ay dinala ako sa Babilonia, sa lugar ng mga dinalang-bihag. Doon natapos ang pangitain.

[25]At sinabi ko sa mga dinalang-bihag ang lahat ng ipinakita sa akin ni Yahweh sa pamamagitan ng pangitain.

## Ezekiel 12

### Inilarawan ni Ezekiel ang Paglaya ng Israel

[1]Sinabi sa akin ni Yahweh,

[2]"Ezekiel, anak ng tao, nasa gitna ka ng isang mapaghimagsik na bayan. May mga mata sila ngunit hindi nakakakita; may mga tainga ngunit hindi naman nakakarinig

[3]sapagkat sila'y mapaghimagsik. Kaya nga, magbalot ka ng kailangan mo sa paglalakbay bilang isang bihag. Bago dumating ang gabi, maglalakad ka sa lansangan nang nakikita nila at baka sakaling makaunawa sila sa kabila ng pagiging mapaghimagsik na lahi.

[4]Samantalang maliwanag pa, maghanda ka ng iyong dala-dalahan nang nakikita nila at kinagabihan ay maglalakad kang parang manlalakbay.

[5]Pagkatapos, bumutas ka sa pader at doon ka magdaan.

[6]Pasanin mo ang iyong dala-dalahan at lumakad kang nakikita nila. Magtakip ka ng mukha para hindi mo makita ang lupain pag-alis mo pagkat ikaw ang gagawin kong pinakababala sa mga Israelita."

[7]At ginawa ko ang lahat ayon sa utos sa akin. Nang araw na iyon, naghanda ako ng aking madadala bilang isang takas. Kinagabihan, sa pamamagitan lamang ng aking mga kamay, bumutas ako sa pader at nagpatuloy sa paglalakbay na nakikita nila habang pasan ko ang aking mga dala-dalahan.

[8]Kinaumagahan, sinabi sa akin ni Yahweh,

[9]"Ezekiel, anak ng tao, hindi ba't itinanong sa iyo ng mapaghimagsik na mga Israelitang yaon kung ano ang iyong ginagawa?

[10]Sabihin mo sa kanila na ipinapasabi ko: 'Ang pahayag na ito ay para sa pinuno ng Jerusalem at sa buong Israel.

[11]Sabihin mong ang ginawa mo ay pinakababala sa gagawin sa kanila: Itatapon sila, at ipapabihag.'

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[12]Pagdilim, papasanin ng pinuno ng Jerusalem ang kanyang dala-dalahan at tatakas sa pamamagitan ng butas sa pader. Magtatakip siya ng kanyang mukha para hindi niya makita ang lupaing iiwan niya.

[13]Ngunit susukluban ko siya ng lambat. Huhulihin ko siya at dadalhin sa Babilonia kung saan doon siya mamamatay nang hindi ito nakikita.

[14]Ang mga nasasakupan niya ay pangangalatin ko sa lahat ng dako, ang kanyang mga lingkod at buong hukbo. Ang mga ito'y uusigin ko sa pamamagitan ng tabak.

[15]At kung mapangalat ko na sila sa iba't ibang lugar, makikilala nilang ako si Yahweh.

[16]Ngunit may ilan akong ititira sa kanila para saanman sila mapunta ay maikuwento nila ang kasuklam-suklam nilang gawain. Sa gayon, makikilala nilang ako si Yahweh."

**Ang Palatandaan ng Panginginig ng Propeta**

[17]Sinabi sa akin ni Yahweh,

[18]"Ezekiel, anak ng tao, manginig ka sa takot habang kumakain at umiinom.

[19]Sabihin mo sa kanila, 'Ipinapasabi ng Panginoong Yahweh sa mga Israelita, Kakain kayo at iinom nang nanginginig sa takot. Ang lunsod ay paghaharian ng lagim sapagkat magaganap ang karahasan sa kabi-kabila.

[20]Ang mga lunsod ay mawawalan ng tao, at magiging pook ng lagim ang lupain. Sa gayon, makikilala nilang ako si Yahweh.'"

**Ang mga Palasak na Kasabihan**

[21]Sinabi sa akin ni Yahweh,

[22]"Ezekiel, anak ng tao, laganap ngayon sa buong Israel ang kasabihang, 'Humahaba ang mga araw ngunit isa man sa mga hula'y walang katuparang natatanaw.'

[23]Sabihin mo sa kanilang mawawala na ang kasabihang iyan, hindi na ito maririnig sa Israel. Sabihin mo ring malapit nang matupad ang lahat ng inihayag sa kanila.

[24]Mula ngayo'y mawawala na ang maling pagpapahayag sa sambayanang Israel.

[25]Akong si Yahweh ang magsasabi ng dapat sabihin. Hindi na magtatagal, mga Israelitang mapaghimagsik, at mangyayari sa inyong kapanahunan ang lahat ng aking sasabihin."

[26]Sinabi pa sa akin ni Yahweh,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27“Ezekiel, anak ng tao, sinasabi ng mga Israelita na ang nakikita mong mga pangitain ay hindi magkakatotoo kung ngayon lamang. Magtatagal pa raw bago mangyari ang inihahayag mo ngayon.

28Kaya, sabihin mo sa kanilang ipinapasabi ko: ‘Isa man sa mga sinabi ko'y hindi maaantala. Hindi na magtatagal at magaganap ang lahat ng ito.’”

## Ezekiel 13

### Ang Pahayag Laban sa mga Bulaang Propeta

1Sinabi sa akin ni Yahweh,

2“Ezekiel, anak ng tao, magpahayag ka laban sa mga propeta ng Israel sapagkat ang ipinapahayag nila sa mga tao ay sarili nilang kaisipan at hindi mula sa akin. Sabihin mo sa kanilang makinig sa mensahe ni Yahweh!”

3Ito ang ipinapasabi ng Panginoong Yahweh: “Kaawa-awa ang kalagayang sasapitin ng mga propetang nagpapahayag ng sariling kaisipan at hindi ang mula sa akin.

4Bayang Israel, ang iyong mga propeta ay parang mga alamid sa mga pook ng lagim.

5Hindi nila ginawa ang sirang bahagi ng pader ng sambahayan ni Israel para ito'y manatiling nakatayo sa araw ni Yahweh.

6Pawang kasinungalingan ang ipinahayag nila. Ang pahayag nila'y, ‘Sinasabi ni Yahweh,’ kahit hindi ko sila sinusugo. Sa kabila noon, inaasam nilang pangyayarihin ko ang kanilang ipinahayag.

7Huwad ang kanilang pangitain at kasinungalingan ang kanilang pahayag sapagkat sabi nila'y ipinapasabi ko iyon bagama't wala akong sinasabing ganoon.”

8Kaya't ipinapasabi sa kanila ng Panginoong Yahweh: “Huwad ang inyong pangitain at kasinungalingan ang inyong pahayag. Ako'y laban sa inyo.

9Paparusahan ko ang mga propetang may huwad na pangitain at nagpapahayag ng kasinungalingan. Hindi sila mapapabilang sa lupong sanggunian ng aking bayan o sa aklat-talaan ng bayan ng Israel. Hindi na kayo makakapasok muli sa lupaing ito. Sa gayon, makikilala ninyong ako si Yahweh.

10Dinadaya ninyo ang aking bayan. Sinasabi ninyong, ‘Payapa ang lahat’ gayong wala namang kapayapaan. At kapag may nagtatayo ng mahinang pader, tinatapalan ninyo ito ng kalburo.

11Sabihin mo sa kanila na guguho ang pader na iyon sapagkat bubuhos ang malakas na ulan, babagyo ng yelo at magpapadala ako ng unos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12At pagbagsak ng pader na iyon, itatanong sa inyo kung nasaan ang inyong itinapal."

13Kaya, ipinapasabi ng Panginoong Yahweh: "Dahil sa aking galit, magpapadala ako ng unos. Dahil sa tindi ng aking poot, ibubuhos ko ang malakas na ulan. Dahil sa laki ng aking galit, magpapaulan ako ng yelo upang sirain ang pader na iyon.

14Ang pader na inyong tinapalan ng kalburo ay iguguho ko hanggang sa pundasyon nito. Pagguho nito, matatabunan kayo. Sa gayon, makikilala ninyong ako si Yahweh.

15Ang matinding galit ko'y ibubuhos ko sa pader na iyon at sa mga nagtapal niyon. Pagkatapos, sasabihin kong wala na ang pader pati ang mga nagtapal niyon.

16Ang mga nagtapal ng pader ay ang mga propeta ng Israel na nagsabing maayos ang lahat sa Jerusalem ngunit kabaligtaran ang nangyari." Ito ang sabi ng Panginoong Yahweh.

**Ang Pahayag Laban sa mga Babaing Bulaang Propeta**

17Ang sabi ni Yahweh, "Ngayon, Ezekiel, magpahayag ka laban sa mga kababayan mong babae na nagpahayag ayon sa kanilang sariling isipan.

18Ganito ang sabihin mo sa kanila: Kahabag-habag ang mga babaing bumibihag sa kalooban ng mga tao sa pamamagitan ng pulseras nila sa kamay at belo sa ulo ayon sa lahi ng tao. Binibihag ba ninyo ang kalooban ng aking bayan para sa inyong kapakinabangan?

19Ginawan ninyo ako ng malaking kalapastanganan sa harap ng aking bayan sa pamamagitan ng kaunting harina at ng durog na tinapay. Sa pamamagitan ng inyong pagsasabi ng kasinungalingan sa mga mahilig makinig ng kasinungalingan, pinapatay ninyo ang dapat mabuhay at binubuhay ang dapat mamatay."

20Kaya nga ipinapasabi ng Panginoong Yahweh, "Nasusuklam ako sa mga pulseras ninyong may salamangka para mabihag ang kalooban ng mga tao. Hahablutin ko iyan sa inyong mga kamay, at palalayaing tulad ng ibon ang isipan ng mga taong nabihag ninyo.

21Hahaltakin ko rin ang inyong mga belo, at palalayain ko ang aking bayan mula sa inyong kapangyarihan. Hindi na ninyo sila masasakop. Sa gayon, makikilala ninyong ako si Yahweh.

22Tinakot ninyo ang mga matuwid dahil sa inyong kasinungalingan at pinalakas ninyo ang loob ng masasama para lalong magpatuloy sa kanilang kasamaan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Kaya naman, hindi na ninyo makikita ang huwad ninyong pangitain at hindi na ninyo magagawang magpahayag ng inyong mga kasinungalingan. Ililigtas ko mula sa inyong kapangyarihan ang aking bayan, at malalaman ninyong ako si Yahweh."

## Ezekiel 14

### Ang Hatol Laban sa mga Sumasamba sa Diyus-diyosan

1Minsan, pumunta sa akin ang ilang pinuno ng Israel upang magpasangguni kay Yahweh.

2Ang sabi naman sa akin ni Yahweh,

3"Ezekiel, anak ng tao, ang mga ito'y nahumaling na sa diyus-diyosan at naibunsod sa kasamaan. Hindi ko sila tutugunin sa pagsangguni nila sa akin.

4Sabihin mo na lamang sa kanila na ipinapasabi kong huwag sasangguni sa mga propeta ang sinumang Israelitang sumasamba sa diyus-diyosan na naging dahilan ng patuloy nilang pagkakasala. Kapag sumangguni sila, tuwiran kong ibibigay sa kanila ang sagot na nararapat sa marami nilang diyus-diyosan.

5Sa pamamagitan ng sagot kong ito, manunumbalik sa akin ang mga Israelitang ito na nahumaling sa pagsamba sa mga diyus-diyosan.

6"Sabihin mo nga sa bayang Israel na ipinapasabi ko: Magsisi na kayo at tigilan na ninyo ang pagsamba sa mga diyus-diyosan.

7Sapagkat ako ang tuwirang sasagot sa sinumang Israelita o nakikipamayan sa Israel na sasangguni sa propeta habang siya ay malayo sa akin, at patuloy sa pagsamba sa diyus-diyosan at sa kanyang kasamaan.

8Itatakwil ko ang ganoong uri ng tao. Gagawin ko siyang usap-usapan ng lahat at babala para sa iba. Sa gayon, hindi na siya mapapabilang sa Israel. Sa gayo'y makikilala ninyong ako si Yahweh.

9"Kapag ang isang propeta ay naakit magpahayag ng mali, ako ang dumaya sa kanya. Kung magkagayon, paparusahan ko siya at hindi na ibibilang sa aking bayan.

10Siya at ang sasangguni sa kanya ay paparusahan ko. Kung ano ang ipaparusa ko sa propeta ay siya ko ring ipaparusa sa sinumang sasangguni sa kanya.

11Gagawin ko ito para hindi na lumayo sa akin ang Israel at hindi na sila magpakasama. Kung magkagayon, sila ay magiging bayan ko at ako naman ang kanilang Diyos." Ito nga ang sabi ni Yahweh, ng Diyos.

### Ang Hatol ng Diyos Laban sa Jerusalem

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Sinabi sa akin ni Yahweh,

13"Ezekiel, anak ng tao, kapag ang isang bayan ay hindi naging tapat sa akin, paparusahan ko sila, at babawasan ang kanilang pagkain. Padadalhan ko sila ng taggutom hanggang sa mamatay ang mga tao, pati hayop.

14Kung magkataong naroon sina Noe, Daniel at Job, sila lamang ang maliligtas dahil sa matuwid nilang pamumuhay.

15"Kapag pinapasok ko sa isang bansa ang mababangis na hayop, sila'y uubusin ng mga ito. Ang dakong iyon ay magiging pook ng lagim hanggang sa ang lahat ay matatakot magdaan doon dahil sa mababangis na hayop.

16Isinusumpa kong wala akong ititira isa man sa kanila. Magkataon mang naroon sina Noe, Daniel at Job, sila lamang ang maliligtas, ngunit hindi nila maililigtas isa man sa kanilang mga anak.

17"Kapag pinadalhan ko ng tabak ang isang bansa, silang lahat ay aking papatayin, pati mga hayop.

18Kung magkataong naroon sina Noe, Daniel at Job, sila lamang ang maliligtas; wala silang maisasama isa man sa kanilang mga anak. Ako ang buháy na Diyos," sabi ni Yahweh.

19"Kapag ang isang bansa ay pinadalhan ko ng salot at ibinuhos ko roon ang aking matinding galit, mamamatay silang lahat, pati mga hayop.

20Ako ang buháy na Diyos," sabi ni Yahweh. "Naroon man sina Noe, Daniel at Job, hindi rin nila maililigtas kahit isa sa kanilang mga anak, sila lamang tatlo ang maliligtas pagkat matuwid ang kanilang pamumuhay."

21Ipinapasabi nga ni Yahweh, "Ano pa ang maaaring asahan ng Jerusalem kapag nilipol ko ang lahat ng naroon sa pamamagitan ng digmaan, taggutom, mababangis na hayop, at salot na siyang apat na paraan ng aking pagpaparusa?

22Sakali mang may makaligtas, aalis sila sa Jerusalem. At kung makita mo ang paraan ng kanilang pamumuhay, sasabihin mong angkop lamang ang pagpaparusang ipinataw ko.

23Mawawala ang panghihinayang mo kapag nakita mo ang masamang paraan ng kanilang pamumuhay, at sasabihin mong may sapat akong dahilan sa gayong pagpaparusa sa kanila."

## Ezekiel 15

### Itinulad sa Baging na Ligaw ang Jerusalem

1Sinabi sa akin ni Yahweh,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2“Ezekiel, anak ng tao, ano ba ang kahigtan ng puno ng ubas kaysa punongkahoy sa gubat?

3Mayroon ba itong ibang mapaggagamitan? Maaari ba itong gawing tulos o sabitan ng kagamitan?

4Hindi! Ito ay panggatong lamang. At kung masunog na ito'y wala nang silbi.

5Kung noong buo pa ito ay wala nang mapaggamitan, gaano pa kung uling na. Lalong wala nang gamit!”

6Kaya naman ipinapasabi ni Yahweh: “Kung paanong ang baging ay kinukuha sa gubat upang igatong, gayon ang gagawin ko sa mga taga-Jerusalem.

7Tatalikuran ko sila. Makatatakas man sila sa apoy, ito rin ang papatay sa kanila. At makikilala ninyong ako si Yahweh kapag naparusahan ko na sila.

8Ang lupaing iyon ay gagawin kong pook ng lagim pagkat hindi sila naging tapat sa akin.”

## Ezekiel 16

### Ang Kawalang Katapatan ng Jerusalem

1Sinabi pa sa akin ni Yahweh,

2“Ezekiel, anak ng tao, ipamukha mo sa Jerusalem ang kanyang kasuklam-suklam na gawain.

3Sabihin mong ipinapasabi ni Yahweh na kanyang Diyos: Ikaw ay mula sa Canaan. Amoreo ang iyong ama at Hetea ang iyong ina.

4Nang ikaw ay isilang, hindi ka pinutulan ng pusod ni pinaliguan ni kinuskos ng asin ni binalot ng lampin.

5Walang nag-ukol ng panahon upang gawin sa iyo ang isa man sa mga bagay na dapat gawin. Wala man lamang naawa sa iyo. Basta ka na lamang inilapag sa lupa nang ikaw ay isilang.

6“Nadaanan kitang kakawag-kawag sa sarili mong dugo. Sinabi ko sa iyo noon na mabubuhay ka

7at lalaking tulad ng mga halaman sa parang. Lumaki ka nga at naging ganap na dalaga. Malusog ang iyong dibdib. Mahaba ang iyong buhok ngunit ikaw ay hubo't hubad.

8“Nang madaanan kitang muli, nakita kong ikaw ay handa nang umibig. Kaya ibinalabal ko sa iyo ang aking kasuotan upang matakpan ang iyong kahubaran. Nangako ako sa iyo nang buong katapatan. Nakipagtipan ako sa iyo, at ikaw ay naging akin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Pinaliguan kita. Nilinis ko ang dugo mo sa katawan, at pinahiran kita ng langis.

10Dinamtan kita ng may magagandang burda, at sinuotan ng sandalyas na balat. Binalot kita ng pinong lino at damit na seda.

11Sinuotan kita ng pulseras sa magkabilang braso, at binigyan ng kuwintas.

12Binigyan din kita ng hikaw sa ilong at tainga. Pinutungan kita ng isang magandang korona.

13Nagayakan ka ng alahas na pilak at ginto. Ang kasuotan mo'y pinong lino, piling seda, at telang nabuburdahan nang maganda. Ang pagkain mo'y yari sa pinakamainam na harina. Pulot-pukyutan at langis ang iyong inumin. Lumaki kang walang kasingganda at nalagay sa katayuan ng isang reyna.

14Natanyag sa lahat ng bansa ang iyong kagandahan sapagkat lalo itong pinatingkad ng mga palamuting iginayak ko sa iyo.

15“Ngunit naging palalo ka dahil sa iyong kagandahan. Kaya nahumaling ka sa kahalayan at ang sarili mo'y ipinaangkin sa lahat ng makita mo.

16Hinubad mo ang bahagi ng iyong kasuotan, ginamit sa pagtatayo ng altar sa mga burol, at doon mo isinagawa ang iyong kahalayan. Wala pang nangyayaring tulad nito at wala nang mangyayari pa sa hinaharap.

17Hinubad mo rin ang ilan sa magagandang alahas na ginto at pilak na ibinigay ko sa iyo, at ginawang larawan ng mga tao na iyong sinamba.

18Binalot mo ito ng balabal mong puno ng magandang burda at ginamit mong pabango ang aking langis at insenso.

19Tinustusan kita ng pinakapinong harina, langis at pulot-pukyutan, ngunit pati tinapay na ibinigay ko sa iyo ay inihandog mo sa kanila.

20Ang mga anak na ipinagkaloob ko sa iyo ay inihandog mo rin sa iyong diyus-diyosan. Hindi ka pa nasiyahan.

21Pinatay mo pati aking mga anak at sinunog bilang handog sa iyong diyus-diyosan.

22Nang gawin mo ang mga kasamaang ito at ang iyong kahalayan ay hindi mo na naisip ang kalagayan mo noong bata ka: hubad, at kakawag-kawag sa sariling dugo.”

23Sinabi ni Yahweh, “Kahabag-habag ang kasasapitan mo. Pagkat bukod sa mga kasamaang iyo nang nagawa,

24nagpatayo ka pa ng nakaarkong altar at nagpagawa ng mataas na entablado sa bawat plasa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Nagpagawa ka ng mataas na entablado sa mga panulukan ng daan at doon mo ipinaangkin ang iyong kagandahan sa bawat magdaan. Maraming beses mo itong ginawa.

26Maraming ulit ka ring nagpaangkin sa Egipto, ang makasanlibutan mong kapit-bansa, kaya labis akong nagalit sa iyo.

27Dahil dito, paparusahan kita. Babawasan ko ang iyong mana. Ipapasakop kita sa mga Filisteo, ang mga taong namumuhi sa iyo. Sila ma'y muhi sa mahalay mong gawain.

28“Dahil sa iyong kawalang kasiyahan, napaangkin ka rin sa taga-Asiria.

29Hindi ka pa nasiyahan dito, maraming beses mo ring ipinaangkin ang iyong katawan sa bansang Caldea, ang lupain ng mga mangangalakal. Ngunit hindi ka pa rin nakuntento rito.

30“Naging talamak na ang iyong kasamaan! Nagawa mo ang mga bagay na itong angkop lamang gawin ng isang babaing makapal na ang mukha dahil sa kasamaan.

31Nagpatayo ka ng nakaarkong altar sa mga panulukan ng daan at ng mataas na tayuan sa bawat plasa. At masahol ka pa sa babaing bayaran sapagkat kung minsa'y ikaw pa ang nagbabayad sa umaangkin sa iyong kagandahan.

32O babaing mangangalunya, mas gusto mo pang pasiping sa iba kaysa iyong asawa.

33Ang mga lalaki'y nagbabayad sa mga babaing bayaran, ngunit iba ka. Ikaw pa ang nagbabayad sa sinumang gusto mong umangkin sa iyo para lamang magawâ mo ang iyong kahalayan.

34Kabaligtaran ka ng babaing bayaran. Hindi ikaw ang hinahanap, ikaw ang naghahanap. Hindi ka nagpabayad, ikaw pa ang nagbabayad. Grabe ka talaga.

### Ang Hatol ng Diyos sa Jerusalem

35“Kaya nga, babaing ubod ng sama, dinggin mo ang salita ni Yahweh.

36Ito ang kanyang ipinapasabi: Winaldas mo ang iyong ari-arian, inilagay mo ang iyong sarili sa kahiya-hiyang kalagayan dahil sa pagiging mahalay. Sumamba ka sa mga diyus-diyosan. Pinatay mo't inihandog sa mga ito ang iyong mga anak.

37Kaya, titipunin ko laban sa iyo ang lahat ng naging mangingibig mo, maging mga minamahal o maging kinapopootan mo. Sa harap nila'y huhubaran kita upang malagay ka sa matinding kahihiyan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

38Hahatulan kitang tulad sa isang babaing taksil sa asawa at berdugo ng sariling mga anak. At sa tindi ng galit ko sa iyo, paparusahan kita ng kamatayan.

39Ibibigay kita sa kanila. Gigibain nila ang mga altar mong nakaarko at ang mataas na entablado. Huhubaran ka nila ng iyong kasuotan at alahas. Kaya't iiwan ka nilang hubo't hubad.

40Ipadudumog ka nila sa makapal na tao. Babatuhin ka nila at ipatatadtad sa tabak.

41Susunugin nila ang iyong mga bahay at paparusahan sa harapan ng kababaihan. Mapuputol na ang iyong kahalayan at ang pag-upa para lang angkinin ka.

42Ganyan ko ipararanas sa iyo ang aking matinding galit bunga ng panibugho. Sa gayon, mapapawi ang aking galit at papayapa na ang aking kalooban.

43Hindi mo na naalala ang kalagayan mo noong ikaw ay bata, bagkus ay ginalit mo ako nang lubusan dahil sa iyong kasuklam-suklam na gawain. Kaya naman, pagbabayarin kita nang husto.

**Kung Ano ang Puno ay Siyang Bunga**

“Dahil sa iyong kahalayang ito at sa kasuklam-suklam mong gawain,

44ilalapat sa iyo ang kasabihang ‘Kung ano ang puno ay siyang bunga.’

45Ang iyong ina ay isang Hetea at isang Amoreo naman ang iyong ama. Itinakwil ng iyong ina ang asawa niya't mga anak. Ganoon din ang ginawa ng mga kapatid mong babae, itinakwil ang asawa't mga anak.

46Ang Samaria na siyang nakatatanda mong kapatid, pati ng kanyang sakop ay nasa gawing hilaga mo. Sa gawing timog naman, ang Sodoma na siya mong kapatid na bata, pati ng kanyang nasasakupan.

47Hindi ka pa nasiyahang tumulad sa kasamaan ng iyong mga kapatid. Mas masama ka kaysa kanila.

48“Ako ang buháy na Diyos,” sabi ni Yahweh. “Ang ginawa mo at ng iyong nasasakupan ay hindi ginawa ng kapatid mong Sodoma at ng sakop nito.

49Tingnan mo ang mga kasalanan ng Sodoma: siya at ang kanyang mga anak ay may maipagmamalaking kayamanan at kasaganaan sa buhay, ngunit hindi sila marunong tumulong sa mga nangangailangan,

50naging palalo sila. Bukod doon, gumawa sila ng kasuklam-suklam na mga bagay. Nang makita ko ito, pinarusahan ko sila, gaya ng iyong nalalaman.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

51Ang kasalanan naman ng Samaria ay wala pa sa kalahati ng iyong kasalanan. Mas matuwid siya kaysa sa iyo sapagkat mas maraming kasuklam-suklam na gawain ang iyong ginawa kaysa kanya.

52Sa iyo babagsak ang bigat ng kahihiyang akala mo ay nararapat sa iyong mga kapatid, sapagkat higit na kasuklam-suklam ang iyong gawain. Kaya, mararanasan mo ang kahihiyan at kadustaan, sapagkat sa mga ginawa mo'y lumabas pang mas mabuti kaysa sa iyo ang mga kapatid mo.

**Ibabalik sa Dati ang Sodoma at ang Samaria**

53“Ibabalik ko sa dati ang Sodoma at ang mga sakop nito, ganoon din ang Samaria at ang kanyang nasasakupan; saka pa lamang kita ibabalik sa dati mong kalagayan.

54Dadanasin mo ang bigat ng parusa at ang kahihiyang bunga ng iyong ginawa. Ito'y magiging pampalubag-loob sa Sodoma at Samaria.

55Kung maibalik na sa dati ang Sodoma at Samaria, saka lamang kita ibabalik sa dati mong kalagayan.

56Hindi ba't sinisiraan mo ang Sodoma noong panahon ng iyong kapalaluan,

57noong hindi pa nalalantad ang iyong kasamaan? Ngayon, ikaw naman ang nalagay sa gayong katayuan. Ikaw ngayon ang usap-usapan ng mga nasasakupan ng Edom. Ikaw ngayon ang kinasusuklaman ng Filisteo.

58Ngayon ay dadanasin mo ang bigat ng parusang bunga ng iyong mahalay at kasuklam-suklam na pamumuhay.”

**Ang Walang Hanggang Kasunduan**

59Ipinapasabi ni Yahweh: “Ilalapat ko sa iyo ang parusang angkop sa pagsira mo sa tipan at pangako.

60Gayunman, hindi ko na rin kalilimutan ang ginawa kong tipan sa iyo nang ikaw ay bata pa. Ngayon ay gagawa ako ng kasunduan para sa atin, hindi ito masisira kailanman.

61Kung magkagayon, maaalala mo noong ikaw ay bata pa at mapapahiya ka sa sarili mo kapag nakasama mo na ang mga kapatid mong nakababata at nakatatanda sa iyo. Sila'y isasama ko sa iyo bagaman hindi talagang kabilang sa tipan ko sa iyo.

62Gagawin ko nga ang aking pakikipagtipan sa iyo. Sa gayo'y makikilala mong ako si Yahweh.

63Sa sandaling ipatawad ko ang lahat mong kasalanan, matitikom ang bibig mo dahil sa laki ng kahihiyan.”

## Ezekiel 17

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang Talinghaga ng Dalawang Agila at ng Baging

1Sinabi sa akin ni Yahweh,

2"Ezekiel, anak ng tao, bigyan mo ng palaisipan ang Israel,

3para malaman nila na akong si Yahweh ang nagsasalita sa kanila. Ito ang talinghaga: Isang agila ang dumating sa Lebanon. Mahaba ang pakpak nito at malagung-malago ang balahibong iba't iba ang kulay. Dumapo ito sa isang punong sedar.

4Pinutol nito ang pinakamataas na sanga niyon, tinangay at itinayo sa lupain

5at itinanim sa matabang lupa sa tabi ng tubig.

6Tumubo ito at naging baging na gumagapang sa lupa. Ang mga sanga nito'y nakaturo sa puno at ang ugat ay tumubo nang pailalim. Naging baging nga ito, nagsanga at nagsupling.

7"Ngunit may dumating na isa pang malaking agila; malapad din ang pakpak at malago ang balahibo. Ang mga sanga at ugat ng baging ay humarap sa agilang ito sa pag-aakalang siya'y bibigyan nito ng mas maraming tubig.

8Ito'y nakatanim sa matabang lupain sa tabi ng tubig, at maaaring lumago hanggang maging punong balot ng karangalan.

9Sabihin mong ipinapatanong ko sa kanila: Patuloy kaya itong lalago? Hindi kaya maputol ang mga ugat nito o mabali ang mga sanga at dahil doo'y malanta ang mga usbong? Hindi na kakailanganin ang malakas na tao o ang magtulung-tulong ang marami para mabunot pati ugat nito.

10Ngunit mabuhay pa kaya ito kung ilipat ng taniman? Kung magbago ng lugar, hindi kaya ito mamatay na parang binayo ng malakas na hangin?"

### Ang Kahulugan ng Talinghaga

11Sinabi sa akin ni Yahweh,

12"Itanong mo sa mapaghimagsik na bayan ng Israel kung alam nila ang kahulugan ng palaisipang ito. Sabihin mong ang hari ng Babilonia ay lumusob sa Jerusalem. Binihag nito ang hari roon pati ang mga pinuno, at iniuwi sa Babilonia.

13Kinuha niya ang isa sa mga pinuno at gumawa sila ng kasunduan at pinanumpang magtatapat dito. Binihag niya ang pamunuan ng lupain

14para hindi ito makabangon laban sa kanya, bagkus ay ganap na tumupad sa mga tuntunin ng kasunduan.

15Ngunit ang pinunong pinili ng hari ng Babilonia ay naghimagsik at nagsugo sa hari ng Egipto upang humingi ng mga kabayo at maraming kawal. Akala

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

kaya niya'y magtatagumpay siya? Hindi! Makaiwas kaya siya sa parusa kung gawin niya iyon? Hindi! Tiyak na paparusahan ko siya.

16Ako ang buháy na Diyos," sabi ni Yahweh. "Isinusumpa kong mamamatay siya sa Babilonia, sa lupain ng haring nagluklok sa kanya sa trono. Mamamatay siya pagkat hindi niya pinahalagahan ang kanyang salita. Sumira siya sa kanilang kasunduan.

17Kahit ang makapal na kawal ng Faraon ay walang magagawa laban sa mga itinayong tore at mga tanggulan upang sila'y wasakin.

18Hindi siya makakaiwas; sumira siya sa kasunduan at pagkatapos ay hindi tumupad sa pangako."

19Ipinapasabi pa ni Yahweh: "Ako ang Diyos na buháy. Paparusahan ko siya sa pagbaliwala niya sa aking sumpa at sa pagsira sa aking tipan.

20Susukluban ko siya ng lambat at masusuot siya sa kaguluhan. Dadalhin ko siya sa Babilonia upang doon parusahan dahil sa pagtataksil niya sa akin.

21Ang mga pili niyang tauhan ay mamamatay sa tabak at ang matitira'y ikakalat ko sa lahat ng dako. Kung magkagayo'y maaalala mo na akong si Yahweh ang maysabi nito."

22Ito nga ang ipinapasabi ni Yahweh: "Kukuha ako ng isang usbong ng sedar at aking iaayos. Ang kukunin ko'y ang pinakamura ng pinakamataas na sanga. Itatanim ko ito sa isang mataas na bundok,

23sa pinakamataas na bundok ng Israel upang lumago at mamungang mabuti at maging isang kahanga-hangang sedar. Sa gayon, lahat ng uri ng hayop ay makakapanirahan sa ilalim nito. Ang mga ibon nama'y makapamumugad sa mga sanga nito.

24Kung magkagayon, malalaman ng lahat ng punongkahoy na maibababâ ko ang mataas na kahoy at maitataas ko ang mababa; na mapapatuyo ko ang sariwang kahoy at mapapanariwa ko ang tuyong punongkahoy. Akong si Yahweh ang nagsasabi nito at ito'y gagawin ko."

## Ezekiel 18

### Kamatayan sa Nagkasala

1Sinabi sa akin ni Yahweh,

2"Ano ba ang ibig ninyong sabihin sa kasabihan ninyong, 'Mga magulang ang kumain ng ubas na maasim, ngunit mga anak ang nangingilo ang mga ngipin'?"

3"Ako ang buháy na Diyos," sabi pa ni Yahweh, "hindi ninyo magagamit ngayon ang kasabihang ito sa Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Akin ang buhay ng lahat ng tao, maging sa ama o sa anak, at ang kaluluwang magkasala ay mamamatay.

5“Halimbawa na may isang taong masunurin sa Kautusan, tapat at lumalakad sa katuwiran.

6Hindi siya nakikisalo sa handog na inihain sa mga sagradong burol, hindi sumasamba sa mga diyus-diyosan ng Israel. Hindi siya nangangalunya ni sumisiping sa babaing kasalukuyang nireregla.

7Hindi siya nandadaya ng kapwa o nagnanakaw. Ibinabalik niya agad sa may-ari ang sangla ng nangungutang sa kanya. Marunong siyang tumulong sa nangangailangan.

8Hindi siya nagpapatubo sa pagpapahiram ng pera. Siya ay makatarungan.

9Sinusunod niya ang aking mga utos at mga tuntunin. Ang ganitong tao ay matuwid at mabubuhay siya.

10“Sakaling magkaanak siya ng magnanakaw, mamamatay-tao at hindi sumunod sa alinman sa mga tuntuning ito,

11bagkus ay nakikisalo sa mga handaan sa mga sagradong burol, sumisiping sa asawa ng iba,

12nang-aapi ng mahihirap, nagnanakaw, hindi marunong magbayad ng utang, sumasamba sa diyus-diyosan, gumagawa ng mga kasuklam-suklam na gawain,

13at nagpapatubo. Palagay ba ninyo'y mabubuhay ang anak na ito? Hindi! Tiyak na mamamatay siya dahil sa mga kasuklam-suklam niyang gawain. Kung magkagayon, walang ibang dapat sisihin kundi siya.

14“Halimbawa namang siya ay may anak. Nasaksihan ng anak na ito ang kasamaan ng kanyang ama, ngunit hindi niya ito pinarisan.

15Hindi siya nakisalo sa mga handaan sa sagradong burol, hindi sumamba sa mga diyus-diyosan, hindi sumiping sa asawa ng iba.

16Hindi rin siya gumawa ng masama kaninuman, hindi nanamsam ng sangla, at hindi nagnakaw. Siya ay matulungin sa nangangailangan,

17lumalayo sa kasamaan, hindi nagpapatubo sa pautang, sumusunod sa aking Kautusan at lumalakad ayon sa aking mga tuntunin. Mabubuhay ang anak na iyon. Hindi siya mamamatay dahil sa kasamaan ng kanyang ama.

18Ang kanyang ama ay mamamatay sapagkat nagnakaw at gumawa ng masama sa kanyang kapwa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[19]“Maaaring itanong mo kung bakit hindi dapat pagdusahan ng anak ang kasalanan ng ama. Sapagkat matuwid ang mga gawa ng anak, sumunod siyang mabuti sa aking mga tuntunin, kaya dapat siyang mabuhay.

[20]Ang nagkasala ang dapat mamatay. Ang anak ay di dapat magdusa dahil sa kasalanan ng ama, at ang ama ay di dapat magdusa dahil sa kasamaan ng anak. Ang matuwid ay mabubuhay dahil sa kanyang pagiging matuwid at ang masama ay mamamatay sa kanyang kasamaan.”

**Matuwid ang Tuntunin ng Diyos**

[21]“Kung ang isang taong masama ay tumalikod sa kanyang kasamaan, sumunod sa aking mga tuntunin, at gumawa ng mabuti, siya ay mabubuhay.

[22]Kakalimutan na ang lahat ng nagawa niyang kasalanan at mabubuhay siya dahil sa kabutihang ginawa niya sa bandang huli.

[23]Hindi ko ikinasisiya ang kamatayan ng masama,” sabi pa ni Yahweh. “Ang ibig ko nga, siya'y magsisi at magbagong-buhay.

[24]Ngunit kung ang isang taong matuwid ay magpakasama at gumawa ng mga kasuklam-suklam na gawain, hindi siya mabubuhay. Mamamatay siya dahil sa kanyang pagtataksil at sa kasalanang nagawa. Mawawalan ng kabuluhan ang lahat ng kabutihang ginawa niya noong una.

[25]“Marahil ay sasabihin ninyong hindi tama itong ginagawa ko. Makinig kayo, mga Israelita: Matuwid ang aking tuntunin, ang pamantayan ninyo ang baluktot.

[26]Kapag ang isang taong matuwid ay nagpakasama, mamamatay siya dahil sa kasamaang ginawa niya.

[27]At ang masamang nagpakabuti at gumawa ng mga bagay na matuwid ay mabubuhay.

[28]Dahil sa pagtalikod sa nagawa niyang kasamaan noong una, mabubuhay siya, hindi mamamatay.

[29]Maaari ngang sabihin ninyong hindi tama ang ginagawa ko. Sasabihin ko namang ang ginagawa ninyo ang hindi tama.

[30]“Kaya nga, bawat isa sa inyo ay hahatulan ko ayon sa kanyang ginawa. Magsisi nga kayo't tumalikod sa inyong kasamaan bago bumagsak sa inyo ang parusa.

[31]Lumayo kayo sa inyong kasamaan at magbagong-buhay sapagkat di kayo dapat mamatay, mga Israelita.

[32]Hindi ko gustong mamatay ang sinuman, kaya magpakabuti na kayo upang mabuhay.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

## Ezekiel 19

### Pamimighati para sa mga Pinuno ng Israel

1Ihayag mo ang iyong panaghoy para sa mga pinuno ng Israel.

2Sabihin mo: Ang iyong ina ay parang isang leon. Pinalaki niya ang kanyang mga anak, nakatira siyang kasama ng karamihan sa piling ng mababangis na leon.

3Isa sa kanyang mga anak ay tinuruan niya; kaya ito ay natutong manila at manlapa ng tao.

4Nang mabalitaan ito ng mga bansa sa paligid, hinuli siya sa patibong, ikinulong at dinala sa Egipto.

5Naghintay siya nang naghintay hanggang sa mawalan ng pag-asa; kaya, inaruga ang isa pang anak niya, na nang lumaki'y naging isang mabangis na leon.

6Sumama siya sa ibang leong tulad niya at siya'y natutong manlapa ng tao.

7Iginuho niya ang mga tanggulan ng kalaban, at kanyang winasak ang kanilang mga bayan. Ang buong lupain, lahat ng mamamayan, ay nangingilabot sa kanyang atungal.

8At nagkaisa laban sa kanya ang mga bansa sa palibot. Iniumang nila ang kanilang mga lambat at siya ay nahulog sa kanilang patibong.

9Siya ay ikinulong nila't dinala sa hari ng Babilonia; pinabantayan siyang mabuti. Mula noon, ang ungal niya'y di na narinig sa mga bundok ng Israel.

10Ang iyong ina ay tulad ng baging ng ubas, itinanim sa tabi ng batis. Sapagkat sagana sa tubig, kaya ito ay lumago at namunga nang marami.

11Matitigas ang kanyang mga sanga, bagay na setro ng hari. Ito'y tumaas, umabot sa mga ulap. Namumukod nga sa taas, namamalas ng lahat.

12Ngunit dahil sa matinding galit, ito ay ibinuwal, bunga nito ay nalanta sa ihip ng hangin. Ang puno ay natuyo, sa huli ay sinunog.

13At ito nga'y itinanim sa disyerto, sa lupaing tuyung-tuyo, kaunti ma'y walang katas.

14Ang punong iyon ay nasunog, bunga't sanga ay natupok, kaya't wala nang makuhang gagawing setro. Ito ay isang panaghoy at paulit-ulit na sasambitin.

## Ezekiel 20

### Ang Kalooban ng Diyos ay Sinuway ng Tao

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Noon ay ikasampung araw ng ikalimang buwan ng ikapitong taon ng aming pagkabihag. Lumapit sa akin ang ilan sa pinuno ng Israel upang sumangguni kay Yahweh.

2Nang isangguni ko sila, sinabi naman sa akin ni Yahweh,

3“Ezekiel, anak ng tao, sabihin mo sa kanilang ipinapatanong ko kung naparito sila upang sumangguni sa akin. Ako ang Diyos na buháy. Sabihin mong huwag silang sasangguni sa akin.

4Ikaw ang humatol sa kanila. Ikaw na ang magsabi sa kanila ng mga kasuklam-suklam na gawain ng kanilang mga ninuno.

5Sabihin mong ipinapasabi ko na noong piliin ko ang Israel, ako'y nangako sa kanila. Nagpakilala ako sa kanila sa lupain ng Egipto na akong si Yahweh ang magiging Diyos nila.

6Ipinangako kong iaalis ko sila sa Egipto at dadalhin sa lupaing inilaan ko sa kanila, isang lupaing mayaman at sagana sa lahat ng bagay, at pinakamainam sa buong daigdig.

7Sinabi ko sa kanila noon na talikuran nila ang mga diyus-diyosan ng Egipto at huwag nilang sambahin ang mga iyon sapagkat ako ang Diyos nilang si Yahweh.

8Ngunit hindi nila ako sinunod, hindi nila ako pinakinggan. Hindi nila tinalikuran ang kasuklam-suklam na mga bagay na iyon ni iniwan ang mga diyus-diyosan ng Egipto. “Binalak ko sanang ibuhos na sa kanila ang aking matinding poot noong nasa Egipto pa sila.

9Ngunit hindi ko ito itinuloy upang ang pangalan ko'y hindi mapulaan ng mga karatig-bansa ng Israel, mga bansang ninanasa kong makakita sa gagawin kong pag-aalis ng Israel sa Egipto.

10Inialis ko nga sila roon at dinala sa ilang.

11Doon, ibinigay ko sa kanila ang Kautusan at mga tuntuning dapat nilang sundin upang sila'y mabuhay.

12Ibinigay ko rin sa kanila ang mga tuntunin para sa Araw ng Pamamahinga para maalala nila na akong si Yahweh ang nagpapabanal sa kanila.

13Ngunit maging sa ilang ay naghimagsik sila sa akin, hindi nila sinunod ang aking mga tuntunin. Ang Kautusan kong dapat sundin upang mabuhay sila ay kanilang tinanggihan, bagkus nilapastangan pa nila ang Araw ng Pamamahinga. “At binalak ko na noong iparanas sa kanila ang matinding galit ko para malipol na sila.

14Ngunit hindi ko ito itinuloy upang ang pangalan ko'y hindi mapulaan ng mga bansang pinag-alisan ko sa Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15At doon sa ilang, isinumpa kong hindi sila dadalhin sa lupaing ipinangako
ko sa kanila, sa lupaing mayaman at sagana sa lahat ng bagay,

16sapagkat tinalikuran nila ang aking Kautusan. Hindi sila lumakad ayon sa
aking mga tuntunin, at hindi nila iginalang ang Araw ng Pamamahinga; sila'y
sumamba sa kanilang mga diyus-diyosan.

17Gayunman, kinahahabagan ko sila, at hindi nilipol.

18“At sinabi ko sa kanilang mga anak na huwag nilang tutularan ang
masamang pamumuhay ng kanilang mga ninuno, ni susundin ang ginawa
nilang mga tuntunin at huwag sasamba sa mga diyus-diyosan.

19Ako si Yahweh, ang kanilang Diyos. Sinabi kong lumakad sila ayon sa aking
mga tuntunin, at sunding mabuti ang aking Kautusan,

20at pahalagahan nila ang Araw ng Pamamahinga sapagkat ito ang mag-
uugnay sa kanila at sa akin, at sa ganito'y makikilala nilang ako si Yahweh,
ang kanilang Diyos.

21Ngunit hindi sila nakinig. Hindi sila lumakad ayon sa aking mga tuntunin ni
sumunod sa aking Kautusan na kung sundin ng tao ay magdudulot sa kanya
ng buhay. Hindi rin nila pinahalagahan ang Araw ng Pamamahinga. “At inisip
ko na namang ibuhos sa kanila ang aking matinding poot.

22Ngunit hindi ko rin itinuloy ito upang ang pangalan ko'y hindi mapulaan ng
mga bansang pinag-alisan ko sa kanila.

23At sa ilang, isinumpa kong pangangalatin sila sa iba't ibang bansa,

24sapagkat hindi nila sinunod ang aking mga tuntunin at Kautusan, hindi nila
pinahalagahan ang Araw ng Pamamahinga, at nahumaling sila sa mga diyus-
diyosan ng kanilang mga ninuno.

25Kaya't binigyan ko sila ng mga tuntuning hindi magdudulot sa kanila ng
buhay.

26Hinayaan ko na silang mahumaling sa paghahandog sa kanilang mga
diyus-diyosan. Binayaan kong ihandog nila pati ang kanilang mga panganay
upang sila mismo'y mangilabot. Sa gayon, makikilala nilang ako si Yahweh.

27“Kaya, Ezekiel, sabihin mo sa kanila na ito ang ipinapasabi ni Yahweh na
kanilang Diyos: Minsan pa'y nilapastangan ako at pinagtaksilan ng inyong
mga ninuno.

28Nang dalhin ko sila sa lupaing ipinangako ko sa kanila, naghandog sila sa
mga altar sa mga burol at sa ilalim ng malalagong punongkahoy. Doon sila
nagsunog ng kanilang mga handog na siyang dahilan ng pagkapoot ko sa
kanila. Doon din nila dinala ang mga handog na inumin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29Itinanong ko sa kanila, 'Ano bang klaseng altar ang pinaghahandugan ninyo sa mga burol? Hanggang ngayon ang matataas na lugar na yaon ay tinatawag na Bama.'

30Sabihin mo rin sa kanila, 'Ipinapasabi ni Yahweh: Gagawin din ba ninyo ang kasuklam-suklam na gawain ng inyong mga ninuno?

31Hanggang ngayo'y naghahain kayo ng mga handog tulad ng inihain nila at sinunog ang inyong mga anak bilang handog sa mga diyus-diyosan. Bakit ngayon ay sasangguni kayo sa akin? Ako si Yahweh, ang Diyos na buháy; huwag kayong makasanggu-sangguni sa akin.'

32"Hindi mangyayari ang iniisip ninyong pagtulad sa ibang bansa, at pagsamba sa diyus-diyosang kahoy at bato."

**Ang Parusa at ang Pagpapatawad ng Diyos**

33"Isinusumpa ko," sabi ni Yahweh, "na gagamitan ko kayo ng kamay na bakal; paparusahan ko kayo at ibubuhos ko sa inyo ang aking matinding poot.

34Ipapakita ko sa inyo ang aking kapangyarihan. Titipunin ko kayo mula sa mga lugar na pinagtapunan ko sa inyo,

35at dadalhin sa gitna ng mga bansa upang doon parusahan.

36Kung ano ang ginawa ko sa inyong mga magulang nang sila'y nasa ilang ng Egipto, gayon ang gagawin ko sa inyo.

37Susupilin ko kayo para sundin ninyo ang aking tipan.

38Ihihiwalay ko ang mga mapaghimagsik at makasalanan. Iaalis ko nga sila sa lupaing pinagtapunan ko sa kanila ngunit hindi sila makakapanirahan sa Israel. Sa gayon, makikilala ninyong ako si Yahweh."

39Sinabi ni Yahweh, "Bayan ng Israel, kung ayaw ninyong makinig sa akin, huwag! Sumamba na kayo sa inyong mga diyus-diyosan hanggang gusto ninyo. Ngunit darating ang araw na hindi na ninyo ako lalapastanganin. Hindi na kayo maghahandog sa inyong mga diyus-diyosan.

40"Ako'y sasambahin ng buong Israel sa bundok na itinalaga ko," sabi ni Yahweh. "Doon ninyo ako paglilingkuran. Doon ko kayo pakikiharapan. Doon ko hihintayin ang paghahain ninyo ng mga piling handog.

41Doon ko tatanggapin ang inyong mga handog pagkatapos ko kayong tipunin mula sa mga lugar na pinagtapunan ko sa inyo, at doon ko rin ipapakita sa mga bansa na ako ay banal.

42At kung madala ko na kayo sa lupaing ipinangako ko sa inyong mga magulang, makikilala ninyong ako si Yahweh.

43Doon, maaalala ninyo ang inyong masasamang lakad at gawain. Dahil dito, masusuklam kayo sa inyong sarili.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

44At kung tanggapin ko kayong mabuti at di ko gawin ang nararapat sa inyong masasamang lakad at gawain, makikilala ninyong ako si Yahweh."

**Ang Pahayag Laban sa Timog**

45At sinabi sa akin ni Yahweh,

46"Ezekiel, anak ng tao, humarap ka sa gawing timog, at magpahayag laban dito at sa kagubatan nito.

47Sabihin mo sa kagubatan ng timog, dinggin mo ang salita ni Yahweh: Ipalalamon kita sa apoy. Tutupukin ko ang iyong mga punongkahoy, maging sariwa o tuyo. Di mapapatay ang apoy na ito, at lahat ay masusunog nito, mula sa timog hanggang hilaga.

48Makikita ng lahat na akong si Yahweh ang sumunog niyon at ang apoy nito'y hindi mapapatay."

49Sinabi ko, "Yahweh, huwag mong ipagawa iyan sa akin; baka sabihin nilang ako'y nagsasalita nang hindi nila nauunawaan."

## Ezekiel 21

**Ang Tabak ni Yahweh**

1Sinabi sa akin ni Yahweh,

2"Ezekiel, anak ng tao, sa Jerusalem ka naman humarap at magpahayag laban sa mga dambana at bigyang babala ang Israel.

3Sabihin mo, ganito ang sabi ni Yahweh: Ako ay laban sa iyo. Bubunutin ko ang aking tabak at papatayin ang masama't mabuti.

4Ang pagbunot ko nito ay laban sa lahat ng tao, mula sa timog hanggang sa hilaga.

5Sa pamamagitan nito'y makikilala ng lahat na akong si Yahweh ang nagbunot ng tabak at hindi ko ito isusuksok muli.

6Kaya, Ezekiel, manangis kang walang tigil at iparinig mo ito sa kanila.

7Kapag itinanong nila kung bakit ka nananaghoy, sabihin mong dahil sa balitang iyong narinig. Kapag ito'y nagkatotoo, paghaharian ng takot ang lahat ng tao, mangangalay ang lahat ng kamay, panghihinaan sila ng loob, at mangangalog ang lahat ng tuhod. Dumating na ang panahon at ngayon na."

8Sinabi pa sa akin ni Yahweh,

9"Sabihin mo sa kanila: Ang tabak ay inihasa na at pinakintab.

10Pinatalim ito upang ipamatay nang walang puknat. Pinakintab upang kumislap na parang kidlat. Walang makakahadlang dito, sapagkat di ninyo dininig ang payo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Ang tabak nga ay pinakintab upang gamitin. Ito'y pinatalim para ibigay sa kamay ng berdugo.

12Managhoy ka, anak ng tao. Ang tabak na ito'y gagamitin sa aking bayan at sa kanyang mga pinuno. Sila ay papataying kasama ng buong bayan. Kaya, tumangis ka.

13Susubukin ko ang aking bayan, at kapag di sila nagsisi, ang lahat ng ito'y mangyayari sa kanila.

14“Magpahayag ka sa kanila. Pumalakpak ka at paulit-ulit na iwasiwas ang tabak. Ang tabak na ito'y pumapatay, naghahasik ng sindak, at pumupuksa.

15Sa gayon, mababagabag ang kanilang kalooban at marami sa kanila ang mabubuwal. Binabalaan ko sila sa pamamagitan ng tabak na ang kislap ay tulad ng kidlat; handa itong mamuksa.

16Itataga ito nang kaliwa't kanan, magkabi-kabila.

17Papalakpak din ako para mapawi ang matindi kong poot. Akong si Yahweh ang maysabi nito.”

**Ang Tabak ng Hari ng Babilonia**

18Sinabi pa sa akin ni Yahweh,

19“Ezekiel, anak ng tao, gumawa ka ng magkasangang landas na siyang dadaanan ng hari ng Babilonia na taglay ang kanyang tabak. Ang puno nito ay magbubuhat sa isang bayan lamang. Maglagay ka ng palatandaan sa lugar na pinaghiwalayan ng dalawang daan;

20ang isa ay patungo sa Lunsod ng Rabba, sa Ammon at ang isa ay sa Juda, sa nakukutaang Lunsod ng Jerusalem.

21Pagdating ng hari ng Babilonia sa sangandaang iyon, hihinto siya upang sumangguni sa kanyang diyus-diyosan. Hahaluin niya ang kanyang mga palaso sa lalagyan, at susuriin ang atay ng hayop na panghandog.

22Mabubunot niya ang palaso na may tatak na ‘Jerusalem.’ Ito ang hudyat ng paglusob upang wasakin nila ang mga pintuang-bayan, at magtayo ng mga tanggulan.

23Subalit ito'y hindi paniniwalaan ng mga taga-Jerusalem dahil sa kanilang mga kasunduang pinagtibay. Ngunit ito'y mangyayari para maalala nila ang kanilang kasamaan at magbabala na mahuhulog sila sa kamay ng mga kaaway.”

24Ito nga ang ipinapasabi ni Yahweh: “Alam na ng lahat ang masasama ninyong gawain at paghihimagsik; kayo'y hinatulan ko na. Pababayaan ko kayong mahulog sa kamay ng inyong mga kaaway.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25At ngayon, masamang pinuno ng Israel, dumating na rin ang iyong oras, ang pangwakas na parusa sa iyo.

26Akong si Yahweh ang maysabi nito: Hubarin mo na ang iyong turbante at korona. Mababaligtad na ang dating katayuan: ang hamak ay dadakilain at ang mga namamahala ay aalisin sa tungkulin.

27Lubusan kong wawasakin ang lunsod sa pamamagitan ng taong pinili ko upang magsagawa nito.

**Ang Hatol Laban sa mga Ammonita**

28"Ezekiel, anak ng tao, magpahayag ka laban sa mga Ammonita dahil sa paghamak nila sa Israel. Sabihin mong ako si Yahweh. Ganito ang sabihin mo: Ang tabak ay binunot na upang ipamuksa; pinakintab ito upang kumislap at gumuhit na parang kidlat.

29Huwad ang kanilang pangitain at kasinungalingan ang kanilang mga pahayag. Ang tabak ay igigilit sa kanilang lalamunan dahil sa kanilang kasamaan. Ito na ang kanilang wakas, ang pangwakas na parusa sa kanila.

30"Isuksok muli ang tabak. Ikaw ay paparusahan ko sa bayan mong tinubuan.

31Ibubuhos ko sa iyo ang galit kong nag-aalab na parang apoy. Ibibigay kita sa mga taong walang pakundangan kung pumatay ng kapwa.

32Tutupukin ka sa apoy. Ang iyong dugo ay mabubuhos sa sariling bayan at wala nang makagugunita pa sa iyo. Akong si Yahweh ang may pahayag nito."

## Ezekiel 22

**Ang Kasamaan ng Jerusalem**

1Sinabi sa akin ni Yahweh,

2"Ezekiel, anak ng tao, ikaw na ang humatol sa lunsod na itong puno ng mamamatay-tao. Ipamukha mo sa kanila ang kasuklam-suklam nilang gawain.

3Sabihin mong ito ang ipinapasabi ko sa kanila: Darating na ang iyong wakas dahil sa pagpatay mo sa maraming tao at pagsamba sa mga diyus-diyosan.

4Malaki ang pagkakasala mo dahil sa pagdanak ng dugo at sa pagkahumaling sa pagsamba sa diyus-diyosang ikaw na rin ang gumawa. Dumating na ang iyong wakas. Ikaw ay lalaitin at kukutyain ng lahat ng bansa.

5Aalipustain ka ng lahat ng bansa, malayo o malapit man, dahil sa labis mong kasamaan.

6"Ang mga pinuno ng Israel ay nagtiwala sa kanilang lakas at walang awang pumapatay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Nawala na ang paggalang sa mga magulang. Inapi ninyo ang mga dayuhan, gayon din ang mga ulila at balo.

8Winalang-halaga ninyo ang mga bagay na itinalaga para sa akin, pati ang Araw ng Pamamahinga.

9Nagsinungaling ang ilan upang maipapatay ang kanilang magustuhan. May mga kasamahan kayong kumain ng handog sa mga diyus-diyosan. Ang iba nama'y gumagawa ng mahahalay na gawain.

10Sa kapulungan ninyo'y may sumisiping sa asawa ng kanilang ama. Ang iba nama'y sumisiping sa babaing kasalukuyang nireregla.

11Mayroon namang humahalay sa asawa ng kanyang kapwa. May biyenang lalaki na sumisiping sa kanyang manugang at ang iba nama'y sa kanilang kapatid sa ina o sa ama.

12May nagpapaupa naman upang pumatay ng kapwa, at mayroon pang nagpapatubo nang malaki kung magpautang. Ako'y lubusan na ninyong kinalimutan.

13“Ngayon, paparusahan ko kayo dahil sa inyong pagnanakaw at pagpatay.

14Tingnan ko lang kung matatagalan ninyo ang gagawin ko sa inyo. Akong si Yahweh ang maysabi nito at ito'y gagawin ko.

15Ipapatapon ko kayo sa lahat ng dako, pangangalatin sa iba't ibang bayan. Sa gayon ko puputulin ang inyong kasamaan.

16Lalapastanganin kayo ng ibang bansa. Sa gayon, makikilala ninyong ako si Yahweh.”

**Ang Pugon ni Yahweh**

17Sinabi sa akin ni Yahweh,

18“Ezekiel, anak ng tao, mababa na ang tingin ko sa Israel. Siya'y tulad ng latak ng pinagtunawan ng pilak, tanso, lata, bakal, at tingga, matapos dalisayin sa pugon ang pilak.

19Kaya nga, sabihin mong ito ang ipinapasabi ko: Kayo ay nahaluan, kaya titipunin ko kayo sa Jerusalem.

20Kung paanong ang pilak, tanso, bakal, tingga, at lata ay inilalagay sa tunawan upang dalisayin, gayon ang gagawin ko sa inyo. Tutunawin ko kayo sa init ng nag-aalab kong poot.

21Titipunin ko kayo para ibuhos sa inyo ang aking matinding poot, hanggang sa kayo'y matunaw.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Kung paanong ang pilak ay tinutunaw sa pugon, gayon ang gagawin ko sa inyo sa Jerusalem. Kapag naibuhos ko na sa inyo ang matindi kong poot, makikilala ninyong ako si Yahweh."

### Ang Kasamaan ng mga Pinuno ng Israel

23Muling nagsalita sa akin si Yahweh,

24"Ezekiel, anak ng tao, sabihin mo sa mga Israelita na ang lupain ay marumi dahil sa kanilang kasalanan kaya paparusahan ko ito dahil sa pagkapoot ko.

25Ang mga pinuno niya ay parang leong umuungal habang nilalapa ang kanyang biktima. Pumapatay sila ng maraming tao, nananamsam ng mga kayamanan, at maraming babae ang nabalo dahil sa kanila.

26Ang mga utos ko'y nilabag ng kanilang mga pari. Winawalang-halaga nila ang mga bagay na itinalaga para sa akin. Pinagsama-sama na nila ang sagrado at ang karaniwang mga bagay. Hindi na rin nila itinuro kung alin ang malinis at kung alin ang marumi. Winalang-halaga nila ang Araw ng Pamamahinga. Dahil dito, hindi na rin nila ako iginagalang.

27Ang mga pinuno nila'y parang hayok na asong-gubat kung lumapa ng kanilang biktima. Sila'y walang awang pumapatay upang yumaman.

28Pinagtatakpan pa ng mga propeta ang ganitong kasamaan, tulad ng maruming pader na pinipinturahan ng kalburo. Mga huwad ang kanilang pangitain at pawang kasinungalingan ang kanilang ipinapahayag. Sinasabi nilang, 'Ito ang ipinapasabi ni Yahweh,' kahit hindi ko ipinapasabi.

29Ang mayayaman ay nandadaya at nagnanakaw. Inaapi nila ang mahihirap, at walang tigil ang panghuhuthot sa mga taga-ibang bayan.

30Humanap ako ng isang taong makakapaglagay ng pader upang ipagsanggalang ang lunsod sa araw na ibuhos ko ang aking poot, ngunit wala akong makita.

31Kaya, ibubuhos ko na sa kanila ang nag-aalab kong poot at sila'y aking lilipulin. Sisingilin ko na sila sa masasama nilang gawain."

## Ezekiel 23

### Ang Magkapatid na Makasalanan

1Sinabi sa akin ni Yahweh,

2"Ezekiel, anak ng tao, may magkapatid na babae.

3Sa kanilang kabataan, sila'y naging mahalay sa Egipto. Doon ay hinayaan nilang paglaruan ang maseselang bahagi ng kanilang katawan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Ohola ang pangalan ng matanda at Oholiba naman ang bata. Sila'y parehong naging akin at nag-anak ng marami. Ang Ohola ay ang Samaria, at ang Jerusalem ay ang Oholiba.

5“Si Ohola ay nagpakasama samantalang nasa aking pagkukupkop. Nakiapid siya sa mga taga-Asiria,

6mga mandirigmang nakasuot ng kulay ube, mga gobernador, sa mga punong-kawal na puro mga gwapo, at sa mga pinunong mangangabayo.

7Nakipagtalik siya sa mga piling tauhan ng Asiria, at nakiisa sa pagsamba at paglilingkod sa diyus-diyosan ng mga ito.

8Patuloy siyang nagpakasama. Noong kabataan niya sa Egipto, siya'y sumiping sa mga kabinataan. Binayaan niyang simsimin ang kanyang bango at ibuhos sa kanya ang kanilang matinding pagnanasa.

9Kaya, pinabayaan ko na siya sa kamay ng Asiria na kanyang mangingibig.

10At siya'y ginahasa nito. Pinatay siya sa tabak, pati ang kanyang mga anak. At siya ay naging usap-usapan ng mga kababaihan. Ang parusa ay ipinaranas na sa kanya.

11“Nakita ito ni Oholiba. Naging mas masama siya kaysa kanyang kapatid.

12Nahumaling din siya sa mga taga-Asiria: sa mga gobernador, punong-kawal, mandirigmang larawan ng kapangyarihan, mangangabayo na pawang kaakit-akit.

13At nakita kong siya man ay nagpakasamang tulad ng kanyang kapatid.

14Ngunit hindi pa siya nakuntento roon. Nakakita siya ng larawan ng mga lalaki, nakaukit sa pader; ito'y larawan ng mga pinuno ng Babilonia na nakaguhit ng matingkad na pula.

15Ang mga ito'y may magagandang pamigkis. Magaganda rin ang palawit ng kanilang mga turbante. Sila ay mga pinuno at mga taga-Babiloniang naninirahan sa Caldea.

16Nang makita niya ang mga ito, nahumaling siya. Kaya, pinasabihan niya ang mga iyon.

17At pinuntahan siya ng mga taga-Babilonia. Sinipingan siya ng mga ito at pinagpasasaan. Pagkatapos niyang magpakasaya sa piling ng mga ito, siya ay lumayo na muhing-muhi.

18Nang makita ko ang hayagan niyang pagpapakasama at pagpapaubaya, namuhi ako sa kanya, tulad ng pagkamuhi ko sa kanyang kapatid. Siya'y aking tinalikuran.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Nagpatuloy siya sa pakikiapid tulad ng ginawa niya sa Egipto noong kanyang kabataan.

20Doo'y nahumaling siya sa mga kalaguyo na kung manibasib ay parang asno at kung magbuhos ng binhi ay parang kabayo.

21Ang ginagawa mo'y tulad ng ginawa mo sa pakikiapid sa Egipto. Hinayaan mong simsimin ang iyong bango at himas-himasin ang iyong mga dibdib.

### Ang Hatol ng Diyos sa Nakababatang Kapatid

22"Kaya nga, Oholiba, ito ang sinasabi ko sa iyo: Ngayon, ang kinamuhian mong mga kalaguyo ay inudyukan ko laban sa iyo. Ipapalusob kita sa kanila mula sa iba't ibang dako.

23Darating ang mga taga-Babilonia, Caldea, Pecod, Soa, Koa, at lahat ng taga-Asiria; ang makikisig na kabinataan, gobernador, punong-kawal, pinuno at mandirigma na pawang kabayuhan.

24Ikaw ay sasalakayin nilang sakay ng mga karwahe at kariton. Magmumula sila sa iba't ibang dako. Sila'y may pananggalang sa braso, at panay naka-helmet. Ipauubaya ko sa kanila ang pagpaparusa sa iyo. Hahayaan kong gawin nila sa iyo ang gusto nila.

25Ipalalasap ko sa iyo ang tindi ng aking galit. Tatagpasin nila ang iyong ilong at tainga. At ang iyong mga anak ay ihahagis sa apoy.

26Huhubaran nila kayo ng kasuotan at alahas.

27Sa ganyang paraan ko puputulin ang iyong mahalay na pamumuhay mula pa nang ika'y nasa Egipto. Sa gayon, hindi ka na mahuhumaling sa mga diyus-diyosan at malilimutan mo na ang Egipto."

28Ito ang sinasabi ni Yahweh: "Ipauubaya kita sa mga taong kinamumuhian mo.

29Ipadarama naman nila sa iyo ang kanilang kalupitan. Sasamsamin nila ang lahat ng iyong ari-arian pati iyong kasuotan. Iiwan ka nilang hubo't hubad. Nagpakasama ka.

30Nakiapid ka sa mga bansa at nakisamba sa kanilang mga diyus-diyosan.

31Pinarisan mo ang iyong kapatid kaya naman ipalalasap ko sa iyo ang parusang ipinataw ko sa kanya."

32Ito nga ang ipinapasabi ni Yahweh: "Ang iinuman mong saro ng iyong kapatid ay malaki at malalim. Ikaw ay pagtatawanan at tutuyain; pagkat umaapaw ang laman nito.

33Malalasing ka at matitigib ng kalungkutan, sapagkat ang saro ng Samaria na kapatid mo, ay saro ng pagkatakot at pagkawasak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

34Iyong uubusin ang laman ng saro, pagkatapos, babasagin mo ito at susugatan ang iyong dibdib.”

35Kaya nga ipinapasabi ni Yahweh: “Dahil sa iyong paglimot at pagtalikod sa akin, pagdurusahan mo ang iyong pakikiapid at mahalay na pamumuhay.”

**Ang Parusa ni Yahweh sa Magkapatid**

36Sinabi sa akin ni Yahweh, “Ezekiel, anak ng tao, hahatulan mo na ba sina Ohola at Oholiba? Ipamukha mo sa kanila ang kasuklam-suklam nilang gawain.

37Sila'y naging mamamatay-tao at mapangalunya. Pinatay nila ang kanilang mga anak at inihandog sa kanilang diyus-diyosan.

38Bukod dito, pinarumi pa nila ang aking Templo at winalang-halaga ang Araw ng Pamamahinga.

39Sinalaula nila ang aking Templo nang sila'y pumasok dito pagkatapos ihandog sa diyus-diyosan ang kanilang mga anak.

40“Paulit-ulit pa silang nagpasundo ng mga lalaki mula sa malalayong dako. Nagpaayos pa silang mabuti para sa mga iyon: naglinis sila, nagkulay ng mata, at naglagay ng mga hiyas.

41Nagpagawa pa sila ng isang magarang pahingahan, at ng isang mesang ubod ng ganda at doon inilagay ang kamanyang at langis na ibinigay ko sa kanila.

42Napapaligiran sila ng mga taong nagkakaingay sa tuwa. Naroon din ang mga karaniwang tao mula sa ilang. Ang mga babae ay sinuotan nila ng pulseras at pinutungan ng magagandang korona.

43“Nasabi ko sa aking sarili: Ang babaing iyon ay tumanda na sa pakikiapid. Gayunpaman, marami pa ring nakikipagtalik sa kanya

44sapagkat ang paglapit sa kanya'y tulad ng paglapit ng isang lalaki sa isang babaing mahalay. Ganoon sila lumalapit kina Ohola at Oholiba para isagawa ang kanilang kahalayan.

45Ngunit hahatulan sila ng mga taong matuwid dahil sa kanilang pangangalunya at pagpatay, sapagkat mapakiapid sila at ang mga kamay nila'y tigmak ng dugo.”

46Kaya nga, ito ang ipinapasabi ni Yahweh: “Ipapalusob na sila sa naghihintay na hukbo upang sila'y takutin at pagnakawan.

47Sila'y babatuhin ng malaking hukbong yaon at gagamitan ng tabak. Papatayin sila pati kanilang mga anak, at susunugin ang kanilang mga tirahan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

48Sa ganitong paraan ko wawakasan ang kahalayan sa lupaing iyon upang magsilbing babala sa mga kababaihan, at nang walang sumunod sa kanilang hakbang.

49Pagbabayaran ninyong magkapatid ang inyong kahalayan, at daranasin ang bigat ng parusa sa pagsamba sa diyus-diyosan. Sa gayon, makikilala ninyong ako si Yahweh."

## Ezekiel 24

### Ang Talinghaga ng Kumukulong Palayok

1Nang ikasampung araw ng ikasampung buwan ng ikasiyam na taon ng aming pagkabihag, sinabi sa akin ni Yahweh:

2"Ezekiel, anak ng tao, isulat mo ang araw na ito, sapagkat ngayon ay pasisimulan ng hari ng Babilonia ang pagkubkob sa Jerusalem.

3Ilahad mo ang isang talinghaga tungkol sa mapaghimagsik na bayan ng Israel. Sabihin mong ito ang ipinapasabi ni Yahweh: Magsalang ka ng palayok at punuin ng tubig.

4Ilagay rito ang mga piling bahagi, ang hita at pitso, at punuin din ng maiinam na butong lagain.

5Kunin ang karneng ito sa piling tupa; isalang at gatungan. Pakuluan nang pakuluan ang mga laman at butong ito."

6Ito ang ipinapasabi ni Yahweh: "Kawawa ka, lunsod na mamamatay-tao, kalderong puno ng kalawang na hindi na matatanggal. Pira-piraso mo itong hanguing lahat.

7Sariwa pa ang dugong kanyang pinadanak sa lunsod. Ito'y sa bato pinatulo at di sa tuyong lupa upang matabunan sana ng alikabok.

8Iniwan ko ang dugo sa ibabaw ng malaking bato upang hindi maitago. Sa gayon, madali akong makapaghihiganti."

9Kaya nga, ipinapasabi pa ni Yahweh: "Kawawa ka, lunsod na mga mamamatay-tao! Ako ma'y magbubunton ng kahoy na panggatong.

10Dagdagan ninyo ito ng kahoy at sindihan upang pakuluang mabuti ang lahat ng laman hanggang matuyo ang sabaw at masunog pati mga buto.

11Pagkatapos, ang kaldero ay ipapatong ko sa maraming baga hanggang sa magbaga rin ito. Sa gayon, malulusaw ang dumi nito, kung masusunog ang kalawang.

12Gayunman, ang lahat ng kalawang ay di rin maaalis ng apoy.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Ang kalawang mo ay ang iyong kahalayan, Jerusalem. Nililinis kita ngunit ayaw mo. Kaya, hindi ka na lilinis hanggang hindi ko naibubuhos sa iyo ang aking matinding galit.

14Akong si Yahweh ang maysabi nito at ito'y tiyak na gagawin ko. Hindi ko ito iuurong, wala akong paliligtasin. Hindi ko kayo panghihinayangan. Paparusahan ko kayo ayon sa inyong masamang gawa."

**Ang Kamatayan ng Asawa ng Propeta**

15Sinabi sa akin ni Yahweh,

16"Ezekiel, anak ng tao, sa isang iglap ay kukunin ko ang taong pinakamamahal mo ngunit huwag mong itatangis ni iluluha.

17Maaari mong daanin sa buntong-hininga ngunit tibayan mo ang iyong loob. Manahimik ka at huwag iparinig ang iyong pagtangis. Huwag kang lalakad nang walang sapin sa paa at lambong sa ulo, na tanda ng pagluluksa. Huwag mong tatakpan ang iyong mukha ni kakain ng pagkain ng mga upahang taga-iyak."

18Umaga nang ako'y magsalita sa mga Israelita. Kinagabihan, namatay ang aking asawa. Kinaumagahan, ginawa ko ang iniutos sa akin ni Yahweh.

19Tinanong ako ng mga tao, "Ano ang ibig mong sabihin sa ginagawa mong ito?"

20Sinabi ko sa kanila, "Sinabi sa akin ni Yahweh na

21sabihin ko sa sambahayan ng Israel ang ganito: 'Ang aking Templo na siyang sagisag ng inyong kapangyarihan at kasiyahan ay sasalaulain ko, at papatayin sa tabak ang inyong mga anak.

22Tularan ninyo ang ginagawa ko: huwag kayong magluluksa ni malulungkot.

23Mag-ayos kayong tulad ng dati, nakaturbante at panyapak. Huwag kayong tatangis o luluha. Dahil sa inyong kasamaan, mangangayayat sa matinding himutok ang bawat isa sa inyo.

24Sinabi ni Yahweh na ang mangyayari kay Ezekiel ang magiging babala sa inyo. Kung mangyari na ang lahat, tularan ninyo ang kanyang ginagawa. Sa gayon, makikilala ninyong ako si Yahweh.'

25"Ezekiel, anak ng tao, aalisin ko sa kanila ang matibay nilang Templo na siya nilang ipinagmamalaki at kasiyahan, gayon din ang kanilang mga anak.

26Sa araw na iyon, isang takas ang magbabalita sa iyo ng mga pangyayari.

27Sa araw na yaon, makapagsasalita ka na muli; makakausap mo na ang takas na iyon. Ikaw nga ang magiging pinakababala sa kanila. Sa gayon, makikilala nilang ako si Yahweh."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Ezekiel 25

### Ang Pahayag Laban sa mga Ammonita

1Sinabi sa akin ni Yahweh,

2"Ezekiel, anak ng tao, humarap ka sa mga anak ni Ammon at magpahayag laban sa kanila.

3Sabihin mo sa kanila na dinggin ang salita ni Yahweh: Natuwa kayo nang makita ninyong nilapastangan ang aking Templo, nang wasakin ang lupain ng Israel, at pangalatin ang mga taga-Juda.

4Dahil dito, kayo ay ipapasakop ko sa mga taga-silangan, at sila'y maninirahang kasama ninyo. Sila'y makakahati ninyo sa inyong pagkain at inumin.

5Ang Rabba ay gagawin kong pastulan ng mga kamelyo, at ang mga lunsod ng mga anak ni Ammon ay pastulan ng mga tupa. Sa gayon, makikilala ninyong ako si Yahweh."

6Ipinapasabi nga ni Yahweh: "Ikaw ay pumalakpak at lumundag sa kagalakan, bilang pagkutya sa Israel.

7Dahil diyan, paparusahan kita. Pababayaan kong lusubin ka at looban ng ibang bansa. Ikaw ay ganap na mawawasak, anupa't hindi ka na kikilanling isang bansa. Sa gayon, makikilala ninyong ako si Yahweh."

### Ang Pahayag Laban sa Moab

8Ito naman ang ipinapasabi ni Yahweh sa Moab: "Sinabi mong ang Juda ay karaniwan lamang, tulad ng ibang bansa.

9Dahil dito, wawasakin ko ang Beth-jesimot, Baal-meon, at Kiryataim, ang mga lunsod na ipinagmamalaki mo sa iyong hangganan.

10Kasama ito ng mga anak ni Ammon na ipapasakop ko sa mga taga-silangan hanggang sa ganap na malimutan ng daigdig.

11Paparusahan ko rin ang buong Moab. Sa gayon, makikilala ninyong ako si Yahweh."

### Ang Pahayag Laban sa Edom

12Ito ang ipinapasabi ni Yahweh sa Edom: "Pinaghigantihan mo ang Juda at ito'y kasalanan mong hindi mapapawi kailanman.

13Dahil dito, paparusahan kita. Papatayin ko ang iyong mga mamamayan at mga hayop hanggang sa ikaw ay maging pook ng kapanglawan. Mula sa Teman hanggang Dedan, lahat ay papatayin ko sa tabak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

14Paghihigantihan kita sa pamamagitan ng bayan kong Israel. Sila ang gagawa sa iyo ng dapat kong gawin dahil sa matinding poot ko sa iyo. Sa gayon, malalaman mo kung gaano katindi akong maghiganti."

### Ang Pahayag Laban sa mga Filisteo

15Ito naman ang ipinapasabi ni Yahweh sa mga Filisteo: "Pinaghigantihan mo ang Israel at ibig mong lipulin dahil sa matagal na ninyong alitan.

16Dahil dito, paparusahan ko kayo. Lilipulin ko ang mga taga-Creta pati ang naninirahan sa baybay-dagat.

17Paparusahan ko sila nang mabigat bilang paghihiganti, at madarama nila ang tindi ng aking galit. Sa gayon, malalaman nilang ako si Yahweh."

## Ezekiel 26

### Ang Pahayag Laban sa Tiro

1Noong unang araw ng buwan, ng ika-11 taon ng aming pagkabihag, sinabi sa akin ni Yahweh:

2"Ezekiel, anak ng tao, nang mawasak ang Jerusalem, sinabi ng Tiro: 'Ngayong bagsak na ang pangunahing bansa, ako naman ang uunlad.'

3Dahil dito, sabihin mo sa kanyang ito ang ipinapasabi ko: Tiro, ako'y laban sa iyo. Ipapalusob kita sa maraming bansa, tulad ng paghampas ng maraming alon sa dagat.

4Iguguho nila ang iyong kuta at ibabagsak ang iyong mga toreng bantayan. Kakalkalin ko ang iyong lupa hanggang sa bato ang matira.

5Magiging bilaran ka na lamang ng lambat sa gitna ng dagat at hahamakin ka ng kapwa mo bansa. Akong si Yahweh ang maysabi nito.

6Ang mga mamamayan sa kalakhan ng bansa ay papatayin sa tabak. Sa gayon, makikilala mong ako si Yahweh."

7Ipinapasabi nga ni Yahweh: "Ang Tiro ay ipasasalakay kay Haring Nebucadnezar ng Babilonia, ang pinakamakapangyarihang hari. Mula sa hilaga, darating siya kasama ang isang malaking hukbo at maraming karwahe at mangangabayo.

8Mapapatay sa digmaan ang mga nakatira sa kalakhang bahagi ng bansa. Gagawa sila ng mga hukay na pagkukublihan at iba pang kanlungan. Kukubkubin ka ng mga kawal na ang mga kalasag ay parang matibay na pader.

9Ang iyong pader ay iguguho sa pamamagitan ng malalaking pambayo at ang toreng bantayan ay ibubuwal sa pamamagitan ng kagamitang bakal.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Hindi ka makikita sa kapal ng alikabok dahil sa dami ng kanyang kabayong gagamitin sa pagsalakay sa iyo. Mayayanig ang iyong pader sa yabag ng mga kabayo, karwahe at kawal.

11Ang mga lansangan mo'y mapupuno ng kanyang mga kabayo, at papatayin sa tabak ang iyong mga mamamayan. Anupa't mabubuwal pati ang pinakamalalaki mong haligi.

12Sasamsamin niya ang iyong ari-arian. Iguguho niya ang iyong mga tanggulan, gigibain ang iyong magagarang bahay, at itatambak sa dagat ang mga bato at kahoy na gumuho.

13Dahil diyan, matitigil na ang iyong masasayang awitan gayon din ang pagtugtog mo sa iyong mga lira.

14Mag-iiwan lamang ako ng malapad na batong bilaran ng mga lambat, at hindi ka na muling itatayo bilang isang lunsod. Akong si Yahweh ang maysabi nito."

15Ipinapasabi ni Yahweh sa Tiro: "Ang mga lupain sa baybayin ay mayayanig sa balita ng iyong pagbagsak, sa nakakapangilabot na daing ng mga sugatan, at sa dami ng mamamatay sa iyong mamamayan.

16Dahil dito, ang mga hari ng mga pulo sa karagatan ay aalis sa kanilang luklukan, maghuhubad ng magagara nilang kasuotan, maglulupasay na nanginginig, at masisindak sa nangyari sa iyo.

17Aawitin nila para sa iyo ang panaghoy na ito: 'Ang bantog na lunsod ay nawasak, pinalubog sa karagatan ang kanyang mga sasakyang-dagat. Dati, ang mga mamamayan niya ang kinasisindakan sa karagatan. Sila ay naghasik ng takot sa mga bayan sa baybay-dagat.

18Ngayon, ang lahat ng pulo ay nangingilabot dahil sa kanyang sinapit. Oo, ang mga mamamayan nito'y pawang natatakot dahil sa balita ng kanyang pagkawasak.'"

19Sapagkat sabi ni Yahweh: "Gagawin kitang pook na mapanglaw, tulad ng isang lugar na walang nakatira.

20Palulubugin kita sa tubig, tulad ng itinapon sa pusod ng dagat, tulad ng mga namatay noong unang panahon. Pananatilihin kita sa walang hanggang kalaliman para hindi na mapanahanan ninuman.

21Daranasin mo ang kakila-kilabot na wakas at ganap kang mawawala. Hahanapin ka ngunit hindi na matatagpuan."

## Ezekiel 27

### Ang Panaghoy para sa Tiro

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Sinabi sa akin ni Yahweh,

2“Ezekiel, anak ng tao, awitan mo ng panaghoy ang Tiro. Sabihin mo sa kanya:

3Lunsod ng Tiro, lunsod na nasa bunganga ng dagat, at nakikipagkalakalan sa mga bansa sa malalayong dako. Ito ang ipinapasabi sa iyo ni Yahweh: ‘Tiro, ipinagmamalaki mo ang iyong kagandahan at sinasabing wala kang kapintasan.’

4Ang tahanan mo ay ang karagatan. Ikaw ay ginawang tila isang magandang sasakyang-dagat.

5Mga piling kahoy buhat sa Bundok Hermon ang tablang ginamit, at ang palo ay kahoy buhat sa Lebanon.

6Ang mga sagwan mo ay ensina buhat pa sa Bashan. Mga tablang sedar buhat pa sa Cyprus ang matibay mong kubyerta at may disenyo pang garing.

7Hinabing lino buhat sa Egipto ang iyong layag at siya mo ring bandila; telang kulay ube na yari sa Cyprus ang bubong mo.

8Mga taga-Sidon at Arvad ang iyong tagasagwan, ang mga tripulante'y mga dalubhasa mong tauhan.

9Ang mga karpintero mo'y sinanay pa sa Biblos. Ang nakipagkalakalan sa iyo ay mga tripulante ng iba't ibang barko.

10“Mga taga-Persia, Lydia at Libya ang bumubuo ng iyong hukbo. Mga kalasag at helmet nila'y nakapalamuti sa iyong mga dingding.

11Mga taga-Arvad ang nakapaligid sa iyo, at mga taga-Gamad ang nasa iyong bantayan. Ang kanilang mga kalasag at helmet ang lumulubos sa iyong kagandahan.

12“Ang Tarsis ay nakipagkalakalan sa iyo. Ang kanyang minang pilak, bakal, lata, at tingga ay ipinagpalit niya sa mga pangunahing paninda mo.

13Ang Javan, Tubal at Meshec ay nagdala sa iyo ng mga alipin at kagamitang tanso bilang kapalit ng iyong mga produkto.

14Kabayo at asno naman ang ibiniyahe sa iyo ng Beth-togarma.

15Nakipagkalakalan din sa iyo ang mga taga-Rodes. Maraming lugar sa baybayin ang dinalhan mo ng paninda; garing at pangil naman ng elepante ang kanilang ipinalit.

16Nakipagkalakalan din sa iyo ang Siria; esmeralda, purpurang pinong lino na nabuburdahan nang maganda, batong koral, at pulang rubi ang ipinalit niya sa mga pangunahin mong produkto.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Trigo naman, olibo, pulot-pukyutan, langis, at balsamo ang ipinalit ng Juda at Israel sa mga kalakal mo.

18Ang Damasco ay nagdadala sa iyo ng inumin na yaring Helbon, puting lana,

19inuming yaring Uzal na siyang pamalit sa kinuha niya sa iyo; mga kagamitang yaring bakal, akasya at kalamo ang iyong inaangkat.

20Magagaspang na lanang panapin naman ang dinala sa iyo ng Dedan.

21Ang Arabia naman at ang mga pangunahin ng Kedar ang pinanggalingan ng kailangan mong kordero, tupang lalaki, at mga kambing.

22Nakipagkalakalan din sa iyo ang Seba at Raama; ang dala nila'y lahat ng uri ng piling pabango, mamahaling bato, at mga ginto.

23Nakipagkalakalan din sa iyo ang Haran, Cane, Eden, Assur, at Kilmad.

24Mamahaling damit na asul at burdado, alpombrang magaganda at iba't ibang kulay at natataliang mabuti ng kurdon. Ang mga ito ang ibinibiyahe nila sa iyo.

25Mga malalaking barko ang pambiyahe mo ng iyong mga produkto. “Ikaw ay punung-puno ng mabigat na kalakal sa gitna ng karagatan.

26Dinadala ka ng mga tagasagwan mo sa iba't ibang lugar, ngunit binayo ka ng hanging mula sa silangan, at nawasak sa gitna ng dagat.

27Ang iyong kayamanan, kalakal, mga marinero, kapitan, tagakumpuni, mangangalakal, at mga kawal ay kasama mong nalubog sa dagat nang ikaw ay mawasak.

28Mga lugar sa baybayin ay nayanig sa sigaw ng mga tagasagwan mong nalulunod sa gitna ng tubig.

29“Wala nang tao isa man sa mga barko; nag-alisan na ang mga tripulante.

30Tinangisan ka nila nang buong kapaitan. Nilagyan nila ng alabok ang kanilang ulo saka gumulong sa bunton ng abo.

31Nag-ahit sila ng ulo. Pagkatapos, nagbihis ng damit-panluksa at nanangis nang kapait-paitan.

32Ang panaghoy nila'y hinaluan pa ng panaghoy: ‘Sino ang nawasak sa gitna ng dagat na tulad ng Tiro?’ tanong nila.

33Ang mga kalakal mo ay pantugon sa pangangailangan ng marami. Dahil sa yaman mo at paninda ay bumuti ang buhay ng mga hari.

34Ngayon, ikaw ay wasak na sa gitna ng karagatan. Lumubog na kasama mo ang iyong mga produkto at mga tauhan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

35Ang lahat sa baybay-dagat, pati nasa katihan, ay nagtatakang natatakot sa iyong sinapit.

36Katapusan mo na, mawawala ka na nang lubusan. Lahat ng mangangalakal sa daigdig ay takot na takot at baka matulad sila sa iyong sinapit."

## Ezekiel 28

### Ang Pahayag Laban sa Hari ng Tiro

1Sinabi sa akin ni Yahweh:

2"Ezekiel, anak ng tao, sabihin mo sa pinuno ng Tiro na ito ang ipinapasabi ko sa kanila: Sa iyong kapalaluan ay sinabi mong isa kang diyos. Nakaluklok kang parang diyos sa gitna ng karagatan bagama't ang totoo'y hindi ka diyos kundi tao lamang. Pinipilit mong abutin ang isipan ng isang diyos.

3Akala mo'y matalino ka pa kay Daniel. Akala mo'y alam mo ang lahat ng bagay kahit pa anong lihim.

4Sa dunong mo't kaalaman ay nagkamal ka at nakapagbunton ng pilak at ginto.

5Sa iyo ngang nalalaman sa larangan ng kalakal, patuloy na lumaki ang iyong kayamanan. Dahil dito, naging palalo ka.

6Kaya naman ito ang ipinapasabi ng Diyos na si Yahweh: Pagkat pilit mong ipinapantay sa Diyos ang sarili,

7ipapalusob kita sa pinakamalupit na kaaway sa daigdig. Wawasakin nila ang lahat ng ari-arian mo na pawang kinamtan sa tusong pamamaraan.

8Ihuhulog ka niya sa walang hanggang kalaliman, papatayin at ihahagis sa pusod ng dagat.

9Sa harap kaya ng mga papatay sa iyo ay masabi mo pang ikaw ay diyos? Doon mo malalamang ikaw pala ay tao lang at may kamatayan.

10Parang aso kang papatayin ng mga dayuhan. Akong si Yahweh ang maysabi nito."

### Ang Pagbagsak ng Hari ng Tiro

11Sinabi sa akin ni Yahweh:

12"Ezekiel, anak ng tao, tangisan mo ang sasapitin ng hari ng Tiro. Sabihin mong ito ang ipinapasabi ko: Ikaw ay larawan ng kasakdalan. Puspos ng kaalaman. Ang ganda mo'y walang kapintasan.

13Tulad mo'y nasa paraiso ng Diyos, sa hardin ng Eden. Nababalot ka ng iba't ibang uri ng batong mamahalin: sardiyo, topaz at diyamanteng nagniningning; berilo, onise at jasper na walang kahambing; safiro,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

esmeralda at karbungko. Ginto ang iyong enggasto. At ang pagkaukit dito ay inihanda noong una pa, nang isilang ka sa mundo.

14Kerubin ang itinalaga kong magbabantay sa iyo. Nasa ituktok ka ng aking banal na bundok. Ang nilalakaran mo'y mga batong kumikinang.

15Wala kang kapintasan mula pa nang isilang hanggang sa maisipan mong mamuhay sa kasamaan.

16Nang lumakas ang kalakal mo, natuto kang sumuway at namuhay sa kasalanan. Kaya, ipinagtabuyan ka mula sa aking banal na bundok. Pinalayas ka ng kerubin sa kinatatayuan mong mga batong kumikinang.

17Naging palalo ka dahil sa iyong kagandahan. Ginamit mo sa kasamaan ang iyong karunungan para mapatatag ang iyong katayuan. Kaya ibinagsak kita sa lupa upang maging babala sa ibang mga bansa.

18Dahil sa masamang pamamaraan ng iyong pangangalakal, nasalaula ang Templo at nadumihan. Kaya ipinatupok kita sa apoy. Nilamon ka nga nito at nakita ng lahat na ikaw ay naging abo.

19Katapusan mo na. Mawawala ka na nang lubusan. Lahat ng bansang nakakakilala sa iyo ay takot na takot na matulad sila sa iyong sinapit.”

**Ang Pahayag Laban sa Sidon**

20Sinabi sa akin ni Yahweh,

21“Ezekiel, anak ng tao, humarap ka sa Sidon at magpahayag laban sa kanya.

22Sabihin mong ito ang ipinapasabi ko: Sidon, ako ay kaaway mo. Pupurihin ako ng mga tao dahil sa gagawin ko sa iyo. Pagkatapos kong parusahan ang lahat ng naninirahan sa iyo, makikilala nilang ako si Yahweh at ipapakita ko na ako ay banal.

23Padadalhan kita ng mga sakit. Ang mga lansangan mo ay matitigmak ng dugo. Sa kabi-kabila, patay ang makikita dahil sa pagkumpay ng tabak nang walang pakundangan at makikilala ninyong ako si Yahweh.”

**Pagpapalain ang Israel**

24Sinabi ni Yahweh, “Alinman sa mga bansang humahamak noon sa Israel ay hindi na magiging tinik na magpapahirap sa kanya. Kung magkagayon, makikilala nilang ako si Yahweh.”

25Ipinapasabi pa ng Panginoong Yahweh: “Kapag natipon ko nang muli ang Israel mula sa iba't ibang panig ng daigdig, malalaman ng lahat ng bansa na ako ay banal. Sila'y maninirahan na sa kanilang tunay na lupain, sa lupaing itinalaga ko sa aking lingkod na si Jacob.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[26]Doon, magtatayo sila ng kanilang tahanan at magtatanim ng mga halaman. Payapa silang makakapanirahan doon matapos kong parusahan ang mga karatig-bansa na humamak sa kanila. Sa gayon, makikilala nilang ako si Yahweh."

## Ezekiel 29

### Ang Pahayag Laban sa Egipto

[1]Noong ikalabindalawang araw ng ikasampung buwan ng ikasampung taon ng aming pagkakabihag, sinabi sa akin ni Yahweh,

[2]"Ezekiel, anak ng tao, harapin mo ang hari ng Egipto. Magpahayag ka laban sa kanya at sa buong Egipto.

[3]Sabihin mong ito ang ipinapasabi ko: Ako'y laban sa iyo, hari ng Egipto. Ikaw na malaking buwayang nagbabad sa tubig. Ikaw na nagsasabing ang Ilog Nilo ay iyo pagkat ikaw ang gumawa nito.

[4]Kakawitin ko ang panga mo. Kakapit sa kaliskis mo ang mga isdang kasama mo, at iaahon kita sa tubig, kasama ang mga isdang nakakabit sa iyo.

[5]Ihahagis kita sa ilang, pati ang mga isdang kasama mo sa batis. Ihahagis ko nga kayo sa gitna ng bukid. At hindi kayo titipunin, ni ililibing. Hahayaan kitang kainin ng mga hayop sa parang at ibon sa himpapawid.

[6]"Sa gayon, makikilala ng lahat ng Egipcio na ako si Yahweh. Mas mabuti pa ang tambo kaysa tulong na ginawa mo sa Israel.

[7]Nabali ito nang kanyang hawakan, at tuluyan siyang napilay. Ikaw ay bumagsak nang sumandal sa iyo ang Israel kaya nabali ang balakang nito.

[8]Kaya padadalhan kita ng tabak upang puksain ang mga mamamayan mo't mga hayop.

[9]Ang buong Egipto ay matitiwangwang at mawawalan ng kabuluhan. Sa gayon makikilala ninyong ako si Yahweh. "Sinabi mong iyo ang Ilog Nilo sapagkat ikaw ang gumawa niyon.

[10]Dahil diyan, laban ako sa iyo at sa iyong Ilog Nilo. Ititiwangwang ko ang buong Egipto at gagawin kong walang kabuluhan, mula sa Migdal hanggang Sevene at sa mga hangganan sa Etiopia.

[11]Sa loob ng apatnapung taon, walang tao o hayop na tutuntong dito ni titira.

[12]Gagawin ko itong pinakamapanglaw sa lahat ng lupain at ang mga lunsod ay apatnapung taon kong pananatilihing isang lugar na pinabayaan. Ang mga Egipcio'y pangangalatin ko sa iba't ibang bansa."

[13]Ipinapasabi ni Yahweh: "Pagkaraan ng apatnapung taon, titipunin ko ang mga Egipcio mula sa lugar na pinagtapunan ko sa kanila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Ibabalik ko sa kanila ang dati nilang kabuhayan, pati ang dati nilang lupain sa katimugan. Doon, sila'y magiging isang mahinang kaharian.

15Siya'y magiging pinakamahina sa lahat ng kaharian, at kailanma'y hindi siya makahihigit sa iba, pagkat pananatilihin ko silang kakaunti.

16Hindi na muling aasa sa kanya ang Israel sapagkat maaalala niya na masama ang ginawa niyang paghingi ng tulong sa Egipto. Sa gayon, makikilala nilang ako si Yahweh."

### Masasakop ang Egipto

17Noong unang araw ng unang buwan ng ikadalawampu't pitong taon ng aming pagkakabihag, sinabi ni Yahweh sa akin:

18"Ezekiel, anak ng tao, ang mga kawal-Babilonia ay pinahirapang mabuti ng hari nilang si Nebucadnezar laban sa Tiro. Nakalbo na silang lahat sa kabubuhat sa ulo ng mga kagamitan at nagkalyo ang kanilang mga balikat sa kapapasan ngunit wala ring napala.

19Kaya, ipapasakop ko sa kanya ang Egipto upang samsamin ang kayamanan nito bilang sweldo ng kanyang mga kawal.

20Ibibigay ko sa kanya ang Egipto bilang kabayaran ng kanyang pagod sa paglilingkod niya sa akin.

21Kapag nangyari na ang mga ito, palalakasin ko ang Israel, at ikaw, Ezekiel, ang gagawin kong tagapagsalita. Papakinggan ka ng lahat at sa gayon, makikilala nilang ako si Yahweh."

## Ezekiel 30

### Ang Magiging Wakas ng Egipto

1Sinabi sa akin ni Yahweh,

2"Ezekiel, anak ng tao, magpahayag ka. Sabihin mo sa kanilang ito ang ipinapasabi ko: Matinding kapighatian sa araw na iyon ang darating,

3sapagkat malapit na ang araw, ang araw ni Yahweh. Magdidilim ang ulap sa araw na iyon, araw ng paghuhukom sa lahat ng bansa.

4Sisiklab ang digmaan sa Egipto. Maghahari sa Etiopia ang matinding dalamhati kapag namatay na sa Egipto ang maraming tao, sasamsamin ang kayamanan ng buong bansa at iiwanan itong wasak.

5"Sa digmaang iyon ay mapapatay ang mga upahang kawal ng Etiopia, Libya, Lydia, Arabia, Kub, at ng aking bayan."

6Ipinapasabi nga ni Yahweh: "Mapapahamak ang lahat ng tutulong sa Egipto. Ang ipinagmamalaki niyang lakas ay ibabagsak. Mula sa Migdal hanggang Sevene lahat ay kasama niyang pupuksain sa pamamagitan ng tabak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Siya ay magiging pinakamapanglaw sa lahat ng lupain. At ang lunsod niya'y isang pook na wasak na wasak.

8Kapag ang Egipto ay akin nang tinupok at ang mga kakampi niya ay namatay nang lahat, makikilala nilang ako si Yahweh.

9"Sa araw na iyon, ang mga tagapagbalita'y isusugo kong sakay ng mga sasakyang-dagat upang bigyang babala ang Etiopia na wala pa ring kabali-balisa. Sila'y paghaharian ng matinding kapighatian dahil sa pagkawasak na sasapitin ng Egipto; ang araw na iyon ay mabilis na dumarating."

10Ito ang ipinapasabi ni Yahweh: "Ang kasaganaan ng Egipto'y wawakasan ko na sa pamamagitan ng Haring Nebucadnezar.

11Siya at ang malulupit niyang kawal ang susuguin ko upang wasakin ang Egipto. Tabak nila'y ipamumuksa sa buong lupain. Pagdating ng araw na iyon, makikitang naghambalang ang mga bangkay sa buong lupain.

12Tutuyuin ko ang Ilog Nilo at ipapasakop ang Egipto sa masasama. Wawasakin ng mga kaaway ang buong bansa. Akong si Yahweh ang maysabi nito."

13Ipinapasabi ng Panginoong Yahweh: "Dudurugin ko ang mga diyus-diyosan nila. Gayon din ang gagawin ko sa mga rebulto sa Memfis. Wala nang tatayo na pinuno sa Egipto. Takot ang paghahariin ko sa buong lupain.

14Ang dakong timog ng Egipto ay gagawin kong pook na mapanglaw. Susunugin ko ang Zoan sa hilaga at paparusahan ang punong-lunsod ng Tebez.

15Ang galit ko'y ibubuhos sa bayan ng Pelusium na tanggulan ng Egipto. Sisirain ko ang kayamanan ng Tebez.

16Tutupukin ko ang Egipto. Mamamahay ang Pelusium sa matinding pighati. Gigibain ang pader ng Tebez at babaha sa lupain.

17Ang mga binata ng On at Bubastis ay papatayin sa tabak. Ang mga babae naman ay mabibihag.

18Ang araw ng Tafnes ay magdidilim sa sandaling wakasan ko ang pananakop ng Egipto, at ang kapangyarihan niya'y putulin ko na. Matatakpan siya ng ulap, at mabibihag ang kanyang mamamayan.

19Ganyan ang parusang igagawad ko sa Egipto. Akong si Yahweh ay makikilala nilang lahat."

20Noong ikapitong araw ng unang buwan ng ikalabing isang taon ng pagkakabihag sa amin, sinabi sa akin ni Yahweh,

21"Ezekiel, anak ng tao, pipilayin ko ang braso ng hari ng Egipto. Hindi ko ito pagagalingin para hindi na makahawak ng tabak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Ito ang sinasabi ko: Ako'y laban sa hari ng Egipto. Babaliin ko pa ang isa niyang kamay para mabitiwan ang kanyang tabak.

23Ang mga Egipcio'y pangangalatin ko sa iba't ibang bayan, ipapatapon sa lahat ng panig ng daigdig.

24Palalakasin ko ang pwersa ng hari ng Babilonia at aalisan ko naman ng kapangyarihan ang hari ng Egipto hanggang sa maging sugatan siya at umuungol na malugmok sa harapan ng hari ng Babilonia.

25Pahihinain ko ang hari ng Egipto ngunit palalakasin ko naman ang hari ng Babilonia. Kapag itinuro niya sa Egipto ang tabak na ibibigay ko sa kanya, malalaman nilang ako si Yahweh.

26Pangangalatin ko sa lahat ng bansa ang mga Egipcio at ipapatapon sa iba't ibang dako. Sa gayon, makikilala nilang ako si Yahweh."

## Ezekiel 31

### Itinulad ang Egipto sa Puno ng Sedar

1Noong unang araw ng ikatlong buwan ng ikalabing isang taon ng aming pagkakabihag, sinabi sa akin ni Yahweh,

2"Ezekiel, anak ng tao, sabihin mo sa hari ng Egipto at sa kanyang mga tauhan: Ano ba ang nakakatulad mo sa iyong kapangyarihan?

3Ang katulad mo ay sedar sa Lebanon. Mayayabong ang sanga. Malago ang dahon. Ang taas mo'y walang katulad. Ang dulo ng iyong sanga ay abot sa ulap.

4Sagana ka sa dilig; may agos pa sa ilalim ng lupang kinatatayuan mo. Ganoon din sa bawat punongkahoy sa gubat.

5Kaya ito ay tumaas nang higit sa lahat. Ang mga sanga'y mayayabong at mayabong ang dahon sapagkat sagana nga sa tubig.

6At doon ang mga ibo'y gumagawa ng pugad. Sa lilim nito nagluluwal ng anak ang mga hayop. At ang mga bansa ay sumisilong sa kanya.

7Anong inam pagmasdan ang maganda niyang kaanyuan. Marami ang sanga. Mayayabong. Malalabay. Mga ugat nito ay abot sa masaganang bukal ng tubig.

8Hindi ito mahihigtan kahit ng sedar sa hardin ng Diyos, ni maipaparis sa alinmang punongkahoy sa hardin ng Diyos.

9Ito'y aking pinaganda. Pinayabong ko ang mga sanga. Kaya, nananaghili sa kanya ang mga punongkahoy sa hardin ng Diyos, sa Eden.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[10]Kaya't sinasabi ng Panginoong Yahweh, kung ano ang mangyayari sa punongkahoy na itong tumaas hanggang sa nakikipaghalikan sa mga ulap. Ngunit habang tumataas, nagiging palalo siya.

[11]Kaya naman, ipapasakop ko siya sa isang makapangyarihang bansa upang maranasan niya ang pahirap na marapat sa kanya.

[12]Ibubuwal siya ng mararahas na bansa, saka iiwan. Mga sanga nito ay bali-baling babagsak sa mga bundok, kapatagan at tubigan. Mag-aalisan ang mga taong sumisilong sa kanya.

[13]Ang mga ibon ay hahapon sa puno nitong nakabuwal, at ang mga hayop na ilap ay lalakad sa mga sanga nitong naghambalang.

[14]Mangyayari ito upang kahit na ang punongkahoy na sagana sa dilig ay hindi na makataas hanggang sa ulap. Silang lahat ay pababayaan kong mamatay tulad ng tao. Sa gayon, lahat ay makakaranas ng kamatayan sa walang hanggang kalaliman."

[15]Ipinapasabi nga ito ni Yahweh: "Kapag naihulog na ito sa daigdig ng mga patay, pababayaan ko siyang lumubog sa tubig sa ilalim ng lupa. Pipigilin ko ang agos ng mga tubig para hindi ito umagos sa ibabaw ng lupa. Dahil sa pagkamatay ng kahoy, babalutin ko ng kadiliman ang Bundok Lebanon at malalanta ang mga kahoy doon.

[16]Ang mga bansa'y mayayanig sa lakas ng kanyang pagbagsak sa daigdig ng mga patay. Dahil dito, masisiyahan ang mga kahoy sa walang hanggang kalaliman, ang pinakapiling punongkahoy sa Eden at ang mga piling sedar ng Lebanon.

[17]Pare-pareho silang dadalhin sa daigdig ng mga patay para doon sila magsama-sama ng mga namatay na. Anupa't ang lahat ng sumilong sa kanya ay mangangalat sa iba't ibang bansa.

[18]"Alin sa mga punongkahoy ng Eden ang maitutulad sa karangalan at kapangyarihan nito? Gayunman, ihuhulog siya sa walang hanggang kalaliman, kasama ng mga punongkahoy ng Eden. Isasama siya sa mga napatay sa digmaan. Ang kahoy na ito ay ang Faraon at ang kanyang mga tauhan."

## Ezekiel 32

### Itinulad sa Buwaya ang Faraon

[1]Noong unang araw ng ikalabindalawang buwan ng ikalabindalawang taon ng pagkakabihag sa amin, sinabi sa akin ni Yahweh,

[2]"Ezekiel, anak ng tao, managhoy ka para sa hari ng Egipto. Sabihin mo, ikaw ay batambatang leon sa gitna ng maraming bansa. Tulad ka ng buwaya sa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

mga batis ng Ilog Nilo. Binubulabog mo ang tubig at pinarurumi ng iyong mga paa.

3Kapag natipon na ang mga bansa, pahahagisan kita ng lambat at ipaaahon sa katihan.

4Ihahagis ka sa gitna ng parang. Pababayaan kong kainin ka ng mga ibon at hayop.

5Ang iyong mga laman ay ikakalat sa kabundukan. Ang mga libis ay mapupuno ng iyong bangkay.

6Ang lupain, kabundukan at mga batis ay matitigmak ng iyong dugo.

7Sa pagpapaalis ko sa iyo, tatakpan ko ang kalangitan. Tatakpan ko ng makapal na ulap ang mga bituin. Gayon din ang araw; at ang buwan ay hindi na magliliwanag.

8Ang lahat ng tanglaw sa kalangitan ay pawang matatakpan. Sa lupain nama'y maghahari ang matinding kadiliman.

9“Maraming bansa ang magugulo kapag naipamalita kong ikaw ay winasak ng mga bansang hindi mo kilala.

10Maraming tao ang mamamangha sa nangyari sa iyo; manginginig ang mga hari kapag iwinasiwas ko sa harapan nila ang aking tabak. Ang lahat ay manginginig sa takot kapag nakita nilang ikaw ay aking ibinagsak.”

11Ipinapasabi ng Panginoong Yahweh sa hari ng Egipto: “Lulusubin ka ng hari ng Babilonia.

12Ang mga mamamayan mo ay ipapapatay ko sa mga kawal ng malulupit na bansa. Lilipulin nila ang iyong mamamayan at sisirain ang mga bagay na ipinagmamalaki mo.

13Papatayin ko ang lahat ng hayop mo sa baybay tubig upang wala nang bumulabog dito.

14Sa gayon ay lilinaw ang mga tubig nito at aagos na ito nang payapa.

15Kapag ikaw ay ganap ko nang nawasak at napatay ko na ang lahat ng iyong mamamayan, makikilala mong ako si Yahweh.

16Ang babalang ito ay magiging awit ng panaghoy. Aawitin ito ng kababaihan para sa buong Egipto. Akong si Yahweh ang nagsabi nito.”

### Ang Daigdig ng mga Patay

17Noong ika-15 araw ng unang buwan ng ika-12 taon ng pagkabihag sa amin, sinabi sa akin ni Yahweh,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18“Ezekiel, anak ng tao, tangisan mo ang mga mamamayan ng Egipto, kasama ng mga bansang makapangyarihan. Ihagis mo sila sa walang hanggang kalaliman upang masama sa mga naroon na.

19Sabihin mo sa kanila, “Hindi kayo nakahihigit sa iba. Ihuhulog din kayo sa walang hanggang kalaliman, kasama ng mga makasalanan.

20“Mamamatay ang mga Egipcio, tulad ng mga namatay sa digmaan. Handa na ang tabak na papatay sa kanila.

21Sila ay buong galak na tatanggapin sa daigdig ng mga patay ng mga bayaning Egipcio at lahat ng nakipaglaban sa panig ng Egipto. Sasabihin nila, ‘Narito na ang mga makasalanang kawal na napatay sa labanan; mamamahinga na ring tulad natin.’

22“Naroon ang Asiria, napapaligiran ng mga libingan ng kanyang mga tauhan na pawang namatay sa digmaan.

23Ang puntod niya'y naroon sa kaloob-looban ng walang hanggang kalaliman, napapaligiran ng kanyang mga kawal na napatay sa labanan. Naghasik sila ng takot sa daigdig noong sila'y nabubuhay pa.

24“Naroon ang Elam na napapaligiran ng kanyang mga kasamahan na pawang namatay sa digmaan. Dati'y kinatatakutan sila sa daigdig ngunit ngayon sila'y nasa kahiya-hiyang kalagayan sa walang hanggang kalaliman, kasama ng mga nauna na roon.

25Siya'y kasama ng mga hindi tuli na napatay sa digmaan, napapaligiran ng puntod ng kanyang mga tauhan. Naghasik sila ng takot sa ibabaw ng daigdig at ngayo'y inilagay sila sa kahiya-hiyang kalagayan sa walang hanggang kalaliman kasama ng iba pang napatay sa digmaan.

26“Naroon ang Meshec at Tubal na napapaligiran ng kanilang mga tauhang hindi tuli na pawang napatay sa digmaan, sapagkat nagpunla sila ng takot sa ibabaw ng daigdig.

27Hindi sila pinarangalan tulad ng mga bayaning nauna sa kanila sa daigdig ng mga patay. Ang mga bayaning iyon ay inilibing na suot ang kanilang kagayakang pandigma at nasa ulunan ang tabak. Sila ay kinatakutan noong nabubuhay.

28Gayon mamamatay ang mga Egipcio, kasama ng mga hindi tuli na napatay sa digmaan.

29“Naroon ang Edom, ang mga hari nito at mga pinuno. Sa kabila ng kanilang tinaglay na kapangyarihan, naroon sila ngayon sa walang hanggang kalaliman, kasama ng mga hindi tuli na napatay sa digmaan.

30“Naroon ang mga pinunong taga-hilaga at lahat ng taga-Sidon. Inilagay rin sila sa kahihiyan dahil sa takot na inihasik nila bunga ng kanilang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

kapangyarihan. Kasama sila sa walang hanggang kalaliman ng mga hindi tuli na napatay sa digmaan.

31“Kapag nakita sila ng Faraon, makadarama siya ng kasiyahan, pagkat siya man at ang kanyang buong hukbo ay pinatay sa pamamagitan ng tabak.

32Hinayaan ko ang hari ng Egipto na magpunla ng sindak sa mga buháy. Ngunit mamamatay din siya at ang lahat niyang kawal at masasama sa mga hindi tuli na napatay sa digmaan. Ang Panginoong Yahweh ang nagsabi nito.”

## Ezekiel 33

### Ang Tungkulin ng Bantay

1Sinabi sa akin ni Yahweh,

2“Ezekiel, anak ng tao, ito ang sabihin mo sa iyong mga kababayan: Kapag ipinasasalakay ko ang isang bayan, sila ay kailangang pumili ng isang bantay.

3Kapag natanawan nito ang sasalakay sa kanila, hihipan niya ang trumpeta bilang babala sa mga tao.

4Sinumang makarinig sa babala ngunit nagsawalang-bahala at napatay ng mga kaaway, walang pananagutan ang bantay sa kanilang kamatayan.

5Kasalanan na nila kung mamatay sila sapagkat hindi nila pinansin ang babala; maliligtas sana sila kung sila'y nakinig.

6Ngunit kung hindi hinipan ng bantay ang trumpeta pagkakita niya sa mga sasalakay at may napatay na kanyang kababayan, ito ay pananagutan niya.

7“Ikaw, Ezekiel, ang ginagawa kong bantay ng Israel; anumang marinig mo sa akin ay sabihin mo sa kanila bilang babala.

8Kapag sinabi ko sa taong masama na siya'y mamamatay at di mo ito ipinaalam sa kanya upang makapagbagong-buhay, mamamatay nga siya sa kanyang kasamaan ngunit pananagutan mo ang kanyang kamatayan.

9Ngunit kapag binigyan mo ng babala ang masama gayunma'y hindi pa rin ito nagbagong-buhay, mamamatay siyang makasalanan ngunit wala kang dapat panagutan.”

### Tungkulin ng Bawat Isa

10Sinabi sa akin ni Yahweh, “Ezekiel, anak ng tao, sabihin mo sa mga Israelita ang inuulit-ulit nilang sila'y nagumon na sa kasamaan kaya hindi na sila mabubuhay.

11Sabihin mong ipinapasabi ko na akong si Yahweh, ang buháy na Diyos, ay hindi nasisiyahan na ang sinuma'y mamatay sa kanyang kasamaan; nais

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

kong siya'y magbagong-buhay. Sabihin mo ngang magbagong-buhay sila pagkat di sila dapat mamatay sa kanilang kasamaan.

12Ezekiel, anak ng tao, sabihin mo rin sa iyong mga kababayan na ang dating kabutihan ng matuwid ay hindi makakapagligtas sa kanila kung magpakasama sila. Kung ang masama ay magpakabuti, hindi siya paparusahan. Ngunit kung ang mabuti ay magpakasama, paparusahan siya.

13Sinabi ko nga na ang matuwid ay mabubuhay subalit kung magtitiwala siya sa kanyang kabutihan at nagpakasama, mawawalan ng kabuluhan ang kanyang kabutihan; mamamatay siya sa kasamaang kanyang ginawa.

14Tungkol sa masama, sinabi kong siya ay mamamatay. Gayunman, kapag tinalikuran niya ang kasamaan at nagbagong-buhay,

15tumupad sa kanyang pangako, isinauli ang kanyang mga ninakaw, sumunod sa mga tuntunin ng buhay, at hindi na gumawa ng anumang kasamaan, siya ay mabubuhay.

16Hindi na aalalahanin ang dati niyang kasamaan. At dahil sa kanyang pagpapakabuti, mabubuhay siya.

17“Ezekiel, sinasabi ng iyong mga kababayan na hindi makatarungan ang ginagawa ko gayong ang pamumuhay nila ang hindi tama.

18Mamamatay ang matuwid na magpakasama

19ngunit ang masamang magbagong-buhay at gumawa ng mabuti ay mabubuhay.

20Gayunma'y sinasabi ninyong hindi matuwid ang aking ginagawa. Mga Israelita, hahatulan ko kayo ayon sa inyong mga gawa.”

**Ang Pagbagsak ng Jerusalem**

21Nang ikalimang araw ng ikasampung buwan ng ikalabindalawang taon ng aming pagkabihag, isang pugante mula sa Jerusalem ang nagsabi sa akin, “Wasak na ang Jerusalem.”

22Umaga nang dumating sa akin ang balita. Noong gabi bago ito dumating, nadama ko ang kamay ni Yahweh. Hinipo niya ang aking bibig at ako'y nakapagsalita.

**Ang Kasamaan ng mga Tao**

23Sinabi sa akin ni Yahweh,

24“Ezekiel, anak ng tao, sinasabi ng mga naninirahan sa wasak na lunsod ng Israel na nag-iisa si Abraham nang ibigay sa kanya ang lupaing ito. Ngayong marami na sila ay kanila na ang lupaing iyon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Sabihin mong ipinapasabi ko: Kumain kayo ng karneng may dugo,
sumamba sa mga diyus-diyosan, at pumatay ng tao; sa kabila ba nito'y
inaasahan pa ninyong mapapasa-inyo ang lupaing ito?

26Nanalig kayo sa talim ng tabak, gumawa ng kasuklam-suklam na mga
bagay at sinipingan ang asawa ng inyong kapwa; sa kabila ba nito'y
inaasahan pa rin ninyong kamtin ang lupain?

27Sabihin mong ipinapasabi ko na papatayin sa tabak ang lahat ng
naninirahan sa wasak na lunsod. Ipalalapa naman sa mga hayop ang nasa
kaparangan, at papatayin sa salot ang mga nasa tanggulan at mga taguan.

28Sisirain ko ang buong lupain, at aalisin ang kapangyarihang
ipinagmamalaki nila. Ang matataas na lugar ng Israel ay gagawin kong
dakong mapanglaw anupa't ni walang magnanais dumaan doon.

29Kung mawasak ko na ang buong lupain dahil sa kasuklam-suklam nilang
gawain, makikilala nilang ako si Yahweh."

**Ang Bunga ng Pahayag ng Propeta**

30Sinabi sa akin ni Yahweh, "Ezekiel, anak ng tao, nagsasama-sama ang
iyong mga kababayan at pinag-uusapan ka sa mga baybay pader at mga
pintuan. Sinasabi nila sa isa't isa, 'Halikayo at tingnan natin kung ano ang
ipinapasabi ni Yahweh.'

31Sama-sama nga silang pupunta sa iyo upang pakinggan ka ngunit hindi
naman nila isasagawa ang kanilang maririnig. Pupurihin nila ang iyong
sinasabi ngunit kasakiman din ang maghahari sa kanila.

32Ituturing ka lamang nilang isang mahusay na mang-aawit at batikang
manunugtog. Makikinig sila sa iyo ngunit di naman isasagawa ang kanilang
maririnig.

33Kapag nangyari na ang sinasabi mo sapagkat tiyak namang mangyayari,
malalaman nilang may isang propeta ngang nagsabi nito sa kanila."

## Ezekiel 34

**Ang Pahayag Laban sa mga Pinuno ng Israel**

1Sinabi sa akin ni Yahweh,

2"Ezekiel, anak ng tao, magpahayag ka laban sa mga pinuno ng Israel.
Sabihin mong ipinapasabi ko: Nakatakda na ang parusa sa inyo, mga pinuno
ng Israel. Sarili lamang ninyo ang inyong iniintindi at hindi ang mga tupa.

3Iinom ninyo ang gatas, nagdaramit kayo ng lana, at nagpapatay ng mga
pinatabang hayop, ngunit hindi ninyo pinapakain ang mga tupa.

4Bakit hindi ninyo pinapalakas ang mahihina, ni ginagamot ang mga
maysakit, ni hinihilot ang mga pilay? Bakit hindi ninyo hinahanap ang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

nawawala, ni ibinabalik ang nalalayo? Sa halip ay ginagamitan ninyo sila ng kamay na bakal.

5Sila'y nangangalat, at nilalapa ng mababangis na hayop sapagkat ang mga ito'y walang pastol.

6Ang mga tupa ko'y nagkalat sa mga bundok, burol at sa lahat ng panig ng daigdig, ngunit walang ibig humanap sa kanila.

7“Dahil dito, mga pinuno, dinggin ninyo ang aking sinasabi:

8Ako ang Diyos na buháy. Ang mga tupa ko'y pinipinsala at nilalapa ng mababangis na hayop sapagkat walang nangangalaga sa mga ito. Hindi hinahanap ng mga pastol ang aking mga tupa. Sa halip na alagaan nila ang mga ito, ang sarili nila ang binubusog.

9Kaya nga makinig kayo, mga pastol.

10Pakinggan ninyo itong aking sinasabi: Laban ako sa inyo. Pananagutan ninyo ang nangyayari sa aking mga tupa. Hindi ko na kayo gagawing pastol upang hindi na ninyo mabusog ang inyong sarili. Ilalayo ko sa inyo ang aking mga tupa at hindi na ninyo mapapakinabangan ang mga ito.”

### Si Yahweh ang Mabuting Pastol

11Ito ang ipinapasabi ng Panginoong Yahweh: “Ako mismo ang maghahanap at mag-aalaga sa aking mga tupa.

12Kung paanong hinahanap ng pastol ang tupa niyang nawawala, gayon ko hahanapin ang aking tupa. Kukunin ko sila saanman sila itinapon noong panahon ng kanilang kasamaan.

13Titipunin ko sila mula sa iba't ibang dako upang ibalik sa sarili nilang bayan. Doon ko sila aalagaan sa kaparangan ng Israel, sa tabi ng mga bukal ng tubig at sa magagandang pastulan.

14Aalagaan ko sila sa sariwang pastulan sa tahimik na kaburulan ng Israel. Mamamahinga sila sa sariwang pastulan at manginginain ng sariwang damo sa kaburulan ng Israel.

15Ako mismo ang magpapastol sa kanila at hahanap ng kanilang pahingahan.

16Hahanapin ko ang nawawala, ibabalik ang nalalayo, hihilutin ang napilay, palalakasin ang mahihina, ngunit pupuksain ko ang mga malulusog at malalakas. Ibibigay ko sa kanila ang katarungan.

17“Sa inyo, aking kawan, ito ang sinasabi ng inyong Diyos na si Yahweh: Ako ang magiging hukom ninyo. Hahatulan ko kayo at ibubukod ang mga tupa sa mga kambing.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Hindi na kayo nakuntento sa panginginain; sinisira pa ninyo ang di n'yo maubos. Bakit hindi na lang kayo uminom hanggang ibig ninyo? Bakit binubulabog pa ninyo ang tubig na natitira?

19Ang kinakain ng aking kawan ay ang tinatapak-tapakan pa ninyo at ang iniinom ay ang binulabog ninyong tubig."

20"Dahil dito," sabi ni Yahweh, "ako mismo ang magbubukod-bukod sa malulusog at mahihinang tupa.

21Ginigitgit ninyo at sinusuwag ang mga mahihina hanggang sa sila'y mangalat kung saan-saan.

22Dahil dito, ako ang mangangalaga sa aking kawan at hindi ko papayagang sila'y inyong apihin. Ihihiwalay ko ang mabubuti sa masasama.

23Itatalaga ko sa kanila ang isang hari, tulad ng lingkod kong si David. Siya ang magiging pastol nila.

24Akong si Yahweh ang magiging Diyos nila at ang mamamahala sa kanila ay isang haring tulad ng lingkod kong si David. Akong si Yahweh ang maysabi nito.

25"Gagawa ako ng tipan upang mabuhay sila nang mapayapa. Paaalisin ko sa lupain ang mababangis na hayop upang ang mga tupa ko'y magkaroon ng kapanatagan maging sa kaparangan o sa kagubatan man.

26Pagpapalain ko sila at ang lupain sa palibot ng burol na itinalaga nila sa akin. At pauulanin ko sa kapanahunan. Sila'y pauulanan ko ng pagpapala.

27Mamumunga ang mga punongkahoy sa kabukiran. Mag-aani sila nang sagana buhat sa kanilang lupain at sila'y mamumuhay doon nang panatag. At kung mapalaya ko na sila mula sa umaalipin sa kanila, makikilala nilang ako si Yahweh.

28Hindi na sila lolooban ng ibang bansa ni dadaluhungin ng mababangis na hayop. Mamumuhay na sila nang matiwasay at payapa.

29Pag-aanihin ko sila nang sagana mula sa kanilang matabang lupain para hindi sila dumanas ng gutom ni kutyain ng ibang bansa.

30Malalaman ng lahat na ako ang nag-iingat sa Israel na aking bayan. Akong si Yahweh ang nagsabi nito.

31Kayo ang aking mga tupa sa aking pastulan; ako ang inyong Diyos."

# Ezekiel 35

### Ang Parusa ng Diyos sa Edom

1Sinabi sa akin ni Yahweh,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2“Ezekiel, anak ng tao, magpahayag ka laban sa Edom.

3Sabihin mong ipinapasabi ko: Ako'y laban sa iyo, Bundok ng Edom. Gagawin kitang ilang.

4Wawasakin ko ang iyong mga lunsod at gagawin kong lugar na mapanglaw. Sa gayon, makikilala mong ako si Yahweh.

5Lagi mong nilulusob ang Israel at pinuksa mo ang kanyang mamamayan sa panahon ng pagpaparusa sa kanya.

6Dahil dito, akong si Yahweh, ang Diyos na buháy ay nagsasabi sa iyo na ikaw ay tiyak na mamamatay. Ikaw ay pumatay kaya papatayin ka rin.

7Gagawin kong ilang ang iyong lupain at sinumang maglakbay roon ay papatayin.

8Tatambakan ng bangkay ang iyong mga bundok, libis at mga bangin.

9Gagawin kitang lugar na mapanglaw at ang iyong mga lunsod ay aalisan ko ng mga tao. Sa gayon, makikilala mong ako si Yahweh.

10“Sinabi mong iyo ang Israel at Juda bagama't alam mong ako ang Diyos nila.

11Dahil diyan, akong si Yahweh, ang buháy na Diyos, ang nagsasabi sa iyong tiyak na pagdurusahan mo ang iyong pagkagalit, pagkainggit at pagkapoot sa aking bayan. Gagawin ko sa iyo ang ginawa mo sa kanila. Makikilala ninyong ako si Yahweh kapag naparusahan ko na kayo.

12Sa gayon, malalaman din ninyo na alam ko ang inyong kalapastanganan nang sabihin ninyong ang kaburulan ng Israel ay winasak upang inyong sakupin.

13Kinalaban ninyo ako at pinagsalitaan nang kung anu-ano. Ito'y hindi lingid sa akin.

14Wawasakin kita nang lubusan at ito'y ikatutuwa ng buong mundo.

15Gagawin ko sa iyo ang ikinatuwa mong pagkawasak ng Israel na aking hinirang. Wawasakin kita, Bundok ng Seir, at ito ang magiging wakas ng buong Edom. Sa gayon, makikilala ng lahat na ako si Yahweh.”

## Ezekiel 36

### Pagpapalain ang Israel

1Sinabi sa akin ni Yahweh, “Ezekiel, anak ng tao, magpahayag ka sa kaburulan ng Israel. Sabihin mo: Kaburulan ng Israel, dinggin mo ang salita ni Yahweh:

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Sinabi sa iyo ng kaaway ninyo na, ‘Mabuti nga,’ at, ‘Ang kanilang mga kabundukan ay sakop na natin.’

3Kaya, magpahayag ka. Sabihin mong ito ang ipinapasabi ko: Sinakop ng mga bansa ang kaburulan ng Israel at lubusan itong winasak. Dahil dito, pinagtawanan siya ng lahat.

4Kaya, ito ngayon ang sinasabi ko tungkol sa mga bundok, burol, bangin, kapatagan at mga lunsod na wasak na naging biktima at katatawanan ng mga bansa sa paligid.

5Ipinapasabi nga ni Yahweh: Sa pag-iinit ng loob ko dahil sa panibugho, maliwanag kong ipinahayag ang aking galit sa mga bansa, lalo na sa Edom, sapagkat buong pagyayabang niyang sinakop ang aking bayan. Hindi na niya ito iginalang, bagkus ay sinamsam ang lahat ng maibigan niya.

6Kaya, magpahayag ka tungkol sa Israel. Sabihin mo sa mga bundok, burol, bangin, at kapatagan na ako'y nagsasalita sa tindi ng aking galit dahil sa pagkutyang dinanas nila mula sa ibang bansa.

7Kaya isinusumpa kong daranas din ng pagkutya ang mga bansa sa iyong paligid.

8“Kayo naman, mga bundok ng Israel, payabungin na ninyo ang inyong mga sanga at pamungahin nang sagana para sa bayan kong Israel sapagkat uuwi na sila rito.

9Ako'y inyong kakampi. Bubungkalin at tatamnan ang inyong lupain.

10Pararamihin ko ang iyong mamamayan. Doon kayo titira sa dati ninyong lunsod at higit ko kayong pasasaganain kaysa noon.

11Pararamihin ko nga ang mga tao at mga hayop. Marami ang magiging anak nila. Pupunuin kita ng tao, tulad noong una, at higit na maraming mabubuting bagay ang gagawin ko ngayon sa iyo. Sa gayon, makikilala mong ako si Yahweh.

12Ibabalik ko kayo, mga Israelita, sa dati ninyong bayan. Magiging inyo na iyon at hindi na kayo magugutom.

13Akong si Yahweh ang nagsasabi: Sinasabi ng mga tao na ikaw ay kumakain ng tao kaya inaagaw mo ang mga mamamayan ng ibang bansa.

14Ngunit mula ngayon, hindi mo na gagawin iyon, hindi mo na uubusin ang iyong mamamayan. Akong si Yahweh ang nagsabi nito.

15Hindi ka na kukutyain ng ibang bansa at hindi na rin hahamakin ng mga tao. Hindi ka na mang-aagaw ng anak ng may anak. Akong si Yahweh ang nagsabi nito.”

### Ang Bagong Kalagayan ng Israel

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Sinabi sa akin ni Yahweh,

17“Ezekiel, anak ng tao, nang ang Israel ay unang tumira sa kanilang lupain, pinarumi nila ito sa kanilang kasamaan. Kaya, ang pamumuhay nila'y kasuklam-suklam sa akin.

18At dahil sa dugong pinadanak nila sa lupain, at dahil sa kanilang mga diyus-diyosan, ibinuhos ko sa kanila ang aking matinding poot.

19Itinapon ko sila at pinangalat sa iba't ibang panig ng daigdig. Ginawa ko sa kanila ang nararapat sa kanila.

20Ngunit sa mga lugar na kinapuntahan nila, binigyang-daan nila ang mga tao upang hamakin ang aking pangalan. Sinabi ng mga tao sa kanila, ‘Hindi ba sila'y mga mamamayan ni Yahweh, bakit pinaalis sa kanilang bayan?’

21Nabahala ako dahil sa banal kong pangalan na ipinahamak ng mga Israelita sa mga dakong kinapuntahan nila.

22“Kaya, sabihin mo sa Israel na ito ang ipinapasabi ko: Lahat ng ginagawa ko ay hindi dahil sa inyo, mga Israelita, kundi dahil sa banal kong pangalan na inyong hinayaang hamakin sa mga lugar na pinagtapunan ko sa inyo.

23Ipapakita ko ang kabanalan ng dakila kong pangalan na nalapastangan sa harap ng mga bansa. Makikilala ng lahat na ako si Yahweh kung maipakita ko na sa kanila na ako ay banal.

24Titipunin ko kayo mula sa iba't ibang bansa upang ibalik sa inyong bayan.

25Wiwisikan ko kayo ng tubig na dalisay upang kayo'y luminis. Aalisin ko rin ang naging mantsa ninyo dahil sa inyong mga diyus-diyosan.

26Bibigyan ko kayo ng bagong puso at bagong espiritu. Ang masuwayin ninyong puso ay gagawin kong pusong masunurin.

27Bibigyan ko kayo ng aking Espiritu upang makalakad kayo ayon sa aking mga tuntunin at masunod ninyong mabuti ang aking mga utos.

28Ititira ko kayo sa lupaing ibinigay ko sa inyong mga ninuno. Kayo ay magiging bayan ko at ako ang inyong Diyos.

29Lilinisin ko ang lahat ng inyong karumihan; bibigyan ko kayo ng masaganang ani at hindi na kayo daranas ng gutom.

30Pamumungahin kong mabuti ang inyong mga punongkahoy at pasasaganain ang ani ng inyong bukirin upang hindi na kayo hamakin ng kapwa ninyo bansa dahil sa taggutom na inyong dinanas.

31Maaalala rin ninyo ang inyong kasamaan, at dating kasuklam-suklam na mga gawa. Dahil dito, masusuklam kayo sa inyong mga sarili.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

32 Dapat ninyong malaman na ginagawa ko ang lahat ng ito ngunit hindi dahil sa inyo. Dapat kayong mahiya dahil sa inyong kasamaan, mga Israelita.”

33 Ipinapasabi ni Yahweh: “Kapag nalinis ko na kayo sa inyong karumihan, muli kong patitirahan ang inyong mga lunsod at muling itatayo ang mga lugar na wasak.

34 Ang mga ilang na dako ay muling bubungkalin. Kapag nakita ito ng mga tao

35 ay sasabihin nila, ‘Ang lugar na ito'y dating tiwangwang ngunit ngayo'y parang hardin ng Eden. Ang mga lunsod na wasak at walang tao, ngayon ay may nakatira na, muling nakatayo at naliligid ng muog.’

36 Kung makita nilang muli nang naitayo ang mga guho at puno ng pananim ang dating tigang na lupain, makikilala ng mga karatig-bansa na ako si Yahweh. Akong si Yahweh ang maysabi nito at ito'y gagawin ko.”

37 Ipinapasabi ni Yahweh: “Ito pa ang gagawin ko sa kanila. Ipagkakaloob ko ang hilingin nila sa akin. Pararamihin ko sila, tulad ng makapal nilang kawan.

38 Pararamihin ko silang tulad ng mga tupang panghandog, tulad ng mga tupa sa Jerusalem kung panahon ng kapistahan. Sa gayon, ang mga lugar na walang nakatira ay mapupuno ng tao. At makikilala nilang ako si Yahweh.”

## Ezekiel 37

### Ang Libis na Puno ng Kalansay

1 Nadama ko ang kapangyarihan ni Yahweh at sa pamamagitan ng kanyang Espiritu ay dinala niya ako sa isang libis na puno ng kalansay.

2 Inilibot niya ako sa lugar na puno ng mga kalansay na tuyung-tuyo na.

3 Tinanong niya ako, “Ezekiel, anak ng tao, palagay mo ba ay maaari pang mabuhay ang mga kalansay na ito?” Sumagot ako, “Kayo po lamang ang nakaaalam, Yahweh.”

4 Sinabi niya sa akin, “Magpahayag ka sa mga kalansay na ito. Sabihin mo: Mga tuyong kalansay, dinggin ninyo ang salita ni Yahweh.

5 Ito ang ipinapasabi niya: Bibigyan ko kayo ng hininga at kayo'y mabubuhay.

6 Lalagyan ko kayo ng litid at laman, at babalutin ng balat. Bibigyan ko kayo ng hininga at kayo'y mabubuhay. Sa gayon, makikilala ninyong ako si Yahweh.”

7 Nagpahayag nga ako, tulad ng utos sa akin. Nang ako'y nagsasalita, nagkaroon ng malakas na ugong, at nabuo ang mga kalansay.

8 Nakita kong sila'y nagkaroon ng litid at laman; nabalot sila ng balat ngunit hindi pa humihinga.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Sinabi sa akin ni Yahweh, “Ezekiel, anak ng tao, tawagan mo ang hangin sa lahat ng dako. Sabihin mong ipinapasabi ko: Hangin, hingahan mo ang mga patay na ito upang sila'y mabuhay.”

10Nagpahayag nga ako at ang hangin ay pumasok sa kanila. Nabuhay nga sila at nang magtayuan, sila'y ubod ng dami, parang isang malaking hukbo.

11Sinabi sa akin ni Yahweh, “Ezekiel, anak ng tao, ang bansang Israel ay tulad ng mga kalansay na ito. Sinasabi nila, ‘Tuyo na ang aming mga buto, wala na kaming pag-asa. Lubusan na kaming pinabayaan.’

12Kaya nga, magpahayag ka. Sabihin mong ipinapasabi ko: Bayan ko, ibubukas ko ang inyong libingan. Ibabangon ko kayo at iuuwi sa inyong bayan.

13Kung maibukas ko na ang inyong libingan at maibangon ko kayo, makikilala ninyong ako si Yahweh.

14Hihingahan ko kayo upang kayo'y mabuhay, at ibabalik ko kayo sa inyong sariling bayan. Sa gayon, malalaman ninyo na akong si Yahweh ang nagsabi nito at aking gagawin.”

**Ang Pahayag tungkol sa Pagkakaisa ng Juda at ng Israel**

15Sinabi sa akin ni Yahweh,

16“Ezekiel, anak ng tao, kumuha ka ng isang putol na kahoy at sulatan mo ng, ‘Ang kaharian ng Juda.’ Pagkatapos, kumuha ka ng isa pa at sulatan mo naman ng, ‘Ang kaharian ng Israel.’

17Pagkaraan noon, pagdugtungin mo ito na parang iisa ang hawak mo.

18Kapag itinanong nila kung ano ang kahulugan noon,

19sabihin mong ipinapasabi ko na darating na ang panahon at ang kaputol na kahoy na kumakatawan sa Israel ay isasama ko sa kaputol na kahoy na kumakatawan sa Juda upang sila'y maging isa na lang.

20Kailangang nakikita nilang hawak mo ang mga putol ng kahoy na iyong sinulatan

21habang sinasabi mong ito ang ipinapasabi ni Yahweh: Titipunin ko ang mga Israelita mula sa mga dakong kinatapunan nila upang ibalik sila sa sarili nilang bayan.

22Sila'y pag-iisahin ko na lamang. Isa lamang ang magiging hari nila; hindi na sila mahahati, sila'y gagawin kong isa na lamang kaharian.

23Hindi na sila sasamba sa diyus-diyosan ni gagawa ng kasuklam-suklam na mga bagay o anumang paglabag. Hindi na sila tatalikod sa akin. Lilinisin ko sila. Sila ang aking magiging bayan at ako ang kanilang magiging Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Isang tulad ng lingkod kong si David ang magiging hari nila. Susundin na nilang mabuti ang aking mga utos at tuntunin.

25Sila'y doon na maninirahan sa lupaing tinirhan ng kanilang mga ninuno, sa lupaing ibinigay ko kay Jacob. Sila, at ang kanilang mga anak at mga susunod pang salinlahi ay mananatili doon habang panahon. Isang haring tulad ni David na aking lingkod ang magiging pinuno nila magpakailanman.

26Gagawa ako ng isang tipan sa kanila. Ito ay tipan ng kapayapaan at mamamalagi magpakailanman. Pagpapalain ko sila at pararamihin. Itatayo ko sa kalagitnaan nila ang aking Templo.

27Ako'y maninirahang kasama nila magpakailanman. Ako ang magiging Diyos nila, sila'y magiging bayan ko.

28At kung mananatili sa kalagitnaan nila ang aking Templo, malalaman ng lahat ng bansa na akong si Yahweh ang humirang sa Israel upang maging akin."

## Ezekiel 38

### Ang Pahayag Laban sa Gog

1Sinabi sa akin ni Yahweh,

2"Ezekiel, anak ng tao, harapin mo si Gog sa lupain ng Magog at hari ng mga bansang Meshec at Tubal. Magpahayag ka laban sa kanya at sabihin mong

3ipinapasabi ko: Ako'y laban sa iyo, Gog, pinakapuno ng mga hari ng Meshec at Tubal.

4Patatalikurin kita ngayon at lalagyan ko ng kawit ang iyong panga. Iaalis kita sa sarili mong bayan, ikaw at ang iyong hukbo; ang iyong mga kabayo at mangangabayo na nasa hustong kasuotang pandigma, may pananggalang at tabak.

5Kasama nila ang kalalakihan ng Persia, Etiopia at Libya na pawang may pananggalang at naka-helmet.

6Kasama rin ang Gomer pati ang kanyang hukbo at ang Beth-togarma hanggang sa dulong hilaga pati ang buong hukbo nito at ang kalalakihan ng marami pang bansa.

7"Humanda kang lagi, ikaw at ang mga hukbong kasama mo. Tumalaga kayo anumang oras na kailangan ko.

8Pagkaraan ng maraming taon, titipunin ko kayo; lulusubin ninyo ang isang bansang itinayong muli mula sa pagkaguho. Ang naroon ay mga taong tinipon mula sa iba't ibang dako at payapang naninirahan sa mga bundok ng Israel, isang lugar na dating tiwangwang at walang naninirahan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Sasagasaan ninyong parang bagyo ang lugar na iyon at kakalatan ninyong parang ulap, ikaw, ang iyong hukbo at ang makapal na taong kasama mo.

10“Ito ang ipinapasabi sa iyo ni Yahweh: Gog, sa araw na iyon, may papasok sa iyong isip at ikaw ay magbabalak ng masama.

11Isasaloob mo, ‘Ang sasalakayin ko'y isang mahinang bansa. Lulupigin ko ang mga taong naninirahan nang tahimik, walang mga pader na kanlungan ni anumang harang.

12Sasakupin ko ito, sasamsaman ang tagaroon, at wawasakin ang lupaing dating tiwangwang at walang nakatira ngunit ngayo'y puno ng taong tinipon mula sa iba't ibang dako. Ngayo'y marami na ang kanilang mga hayop, at mga ari-arian, at ang lupain nila'y siyang sentro sa daigdig.’

13Sasabihin sa iyo ng Seba at Dedan, ng Tarsis at ng mga mangangalakal nito, ‘Naparito ka ba upang manamsam? Tinipon mo ba ang karamihang ito upang hakutin ang mga pilak, ginto, mga hayop, at mga ari-arian, upang samsamin ang malaking kayamanang ito?’

14“Kaya, pinapunta ako ni Yahweh sa Gog upang ipahayag ang ganito: Sa araw na namumuhay ng tahimik ang bayan kong Israel, ikaw ay magbabalikwas.

15Isasama mo ang makapal na tao, isang malaking hukbo na pawang kabayuhan mula sa dulong hilaga.

16Ang Israel ay sasalakayin ninyo, tulad ng rumaragasang bagyo. Ipapalusob ko sa iyo ang aking bayan upang ipakilala sa mga bansa kung sino ako, at upang sa pamamagitan mo'y maipakita sa kanila na ako ay banal.

17“Ipinapasabi pa ni Yahweh: Noong araw pa, iniutos ko na sa mga lingkod kong propeta ng Israel na ipahayag nila na may isang bansang tatayo laban sa Israel, at ikaw ang tinutukoy noon.

18Pagdating ng araw na iyon, kapag sinalakay na ng Gog ang Israel, aabot na sa sukdulan ang aking poot.

19At sa tindi ng aking galit, lilindol nang napakalakas sa buong Israel.

20Ang mga isda, ibon at hayop, malaki o maliit, at ang mga tao, ay manginginig sa harap ko. Ang mga bundok ay guguho, gayon din ang mga bangin at ang lahat ng muog sa lupa.

21Paghahariin ko sa Gog ang matinding takot at sila-sila'y magtatagaan.

22Paparusahan ko siya sa pamamagitan ng salot at kamatayan. Siya at ang kanyang mga hukbo ay pauulanan ko ng buhawi, malalaking yelo ng apoy at asupre.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Sa ganyang paraan ko ipapakita sa lahat ng bansa na ako ay makapangyarihan at ako ay banal. Sa gayo'y makikilala nilang ako si Yahweh.”

## Ezekiel 39

### Ang Pagbagsak ng Gog

1Sinabi sa akin ni Yahweh, “Ezekiel, anak ng tao, magpahayag ka laban sa Gog. Sabihin mong ipinapasabi ko: Ako'y laban sa iyo, Gog, pangunahing pinuno ng Meshec at Tubal.

2Babaligtarin kita, at mula sa dulong hilaga ay itataboy sa kabundukan ng Israel.

3Pagkatapos, aagawin ko ang pana at mga palaso sa iyong mga kamay.

4Ikaw at ang iyong buong hukbo ay malilipol sa kabundukan ng Israel, pati ang makapal mong tauhan. Ang inyong mga bangkay ay pababayaan kong kanin ng mga ibon at lapain ng mababangis na hayop.

5Sinasabi kong mabubuwal ka sa kaparangan.

6Lilikha ako ng sunog sa Magog at sa baybayin ng dagat, ang lugar na hindi dating nakakaranas ng gulo. Sa gayon, makikilala nilang ako si Yahweh.

7Ipapakilala ko ang aking pangalan sa gitna ng bayan kong Israel at di ko na pababayaang malapastangan ito. Sa gayo'y makikilala ng lahat ng bansa na ako si Yahweh, ang Banal na Diyos ng Israel.”

8Sinabi ni Yahweh, “Dumarating na ang araw ng kaganapan ng mga bagay na ito.

9Pagkaganap ng mga bagay na ito, ang mga taga-lunsod ay lalabas ng bayan upang gawing panggatong ang makapal na gamit pandigma: pananggalang, pana, palaso, punyal, at sibat. Ang daming ito ay magiging sapat na panggatong sa loob ng pitong taon.

10Hindi na sila kailangang mangahoy sa bukid o sa gubat. Ang mga sandatang iyon na ang kanilang igagatong. Ang mangyayari, sasamsaman nila ang sana'y mananamsam sa kanila. Ang Panginoong Yahweh ang maysabi nito.”

### Ang Libingan ng Gog

11Sinabi ni Yahweh, “Sa araw na iyon, ang Gog ay bibigyan ko ng isang libingan sa Israel, ang Libis ng Manlalakbay, sa silangan ng Dagat na Patay. Doon siya ililibing kasama ang makapal na taong kasama niya. Ang libingang ito'y tatawaging Libis ng Hukbo ng Gog, at lilihisan ng mga manlalakbay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Sa paglilibing lamang sa kanila, mauubos ang pitong buwan bago mailibing
ng mga Israelita ang lahat ng bangkay.

13Lahat ng tutulong sa paglilibing ay pararangalan sa araw ng aking
tagumpay. Akong si Yahweh ang nagsabi nito.

14Pagkaraan ng pitong buwan, magtatalaga kayo ng isang pangkat upang
patuloy na maghanap at maglibing sa mga kalansay na hindi pa naililibing
para malinis nang lubusan ang lupain.

15Sinuman sa kanila ang makakita ng kalansay, lalagyan niya iyon ng tanda
hanggang hindi nadadala sa pinaglibingan kay Gog at sa kanyang mga
kasama.

16(Isang malapit na bayan ay tatawaging Ang Hukbo ni Gog.) Gayon ang
gagawin ninyo upang ganap na malinis ang lupain."

17Sinabi ni Yahweh, "Ezekiel, anak ng tao, ito naman ang sabihin mo sa lahat
ng uri ng ibon at hayop: 'Halikayo at magpakabusog sa handog na itong
inihanda ko sa inyo, isang malaking handa sa mga bundok ng Israel.
Magpakabusog kayo sa laman at dugo.

18Kanin ninyo ang laman ng mga mandirigma at inumin ang dugo ng mga
pinuno ng daigdig. Ito ay siya ninyong pinakatupang lalaki, kordero, kambing,
toro, at baka.

19Magsasawa kayo sa taba at malalango sa dugo dito sa maraming handog
na inilaan ko sa inyo.

20Sa hapag ko'y mabubusog kayo sa kabayo at mandirigmang sakay nito at
sa lahat ng uri ng kawal.' Akong si Yahweh ang nagsabi nito."

**Ibinalik sa Dati ang Israel**

21Sinabi ni Yahweh, "Ipapakita ko sa lahat ng bansa ang aking kaluwalhatian
sa pamamagitan ng paggamit ko sa aking kapangyarihan sa pagsasagawa
ng aking pasya.

22Mula sa araw na iyon, makikilala ng Israel na ako si Yahweh, ang kanilang
Diyos.

23At malalaman ng lahat ng bansa na ang Israel ay nabihag dahil na rin sa
kanilang kasamaan; dahil sa pagtataksil nila sa akin, sila ay aking pinabayaan
at ibinigay sa kanilang mga kaaway upang patayin.

24Pinabayaan ko sila sapagkat iyon lang ang marapat sa kanilang
kasamaan."

25Ipinapasabi ni Yahweh: "Ngayon, ibabalik ko ang dating kalagayan ni
Jacob. Muli kong ipadarama sa sambayanang Israel ang aking pag-ibig sa
kanila upang mabigyan kong karangalan ang aking pangalan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[26]Ang kahihiyang sinapit nila at ang kanilang kataksilan sa akin ay malilimutan na rin nila kapag sila'y payapa nang naninirahan sa sarili nilang lupain at wala nang liligalig sa kanila.

[27]At kapag natipon ko na sila mula sa lupain ng kanilang mga kaaway, sa pamamagitan ng pagkalinga ko sa kanila'y ipapakita ko sa lahat ng bansa na ako ay banal.

[28]Sa gayon, makikilala ng Israel na ako si Yahweh na kanilang Diyos sapagkat itinapon ko sila sa lahat ng panig ng daigdig at pagkatapos ay muling tinipon sa sarili nilang lupain. Titipunin ko silang lahat at walang matitira isa man sa ibang bansa.

[29]Ibubuhos ko sa Israel ang aking Espiritu at hindi ko na sila tatalikuran. Akong si Yahweh ang nagsabi nito."

## Ezekiel 40

### Ang Pangitain tungkol sa Templo

[1]Noong ika-10 araw ng bagong taon at ika-25 taon ng aming pagkabihag, labing-apat na taon pagkatapos masakop ang lunsod ng Jerusalem, nilukuban ako ng kapangyarihan ni Yahweh.

[2]Sa isang pangitain, dinala niya ako sa tuktok ng isang napakataas na bundok sa Israel. Sa tapat ko, may nakita akong tila isang lunsod.

[3]Inilapit niya ako roon at may nakita akong isang tao sa may pagpasok ng lunsod. Siya'y tila tanso, may hawak na pising lino, at panukat.

[4]Sinabi niya sa akin, "Ezekiel, anak ng tao, talasan mo ang iyong mata at tainga. Tandaan mong mabuti ang lahat ng ipapakita ko sa iyo sapagkat ito ang dahilan ng pagkadala sa iyo rito. Pagkatapos, sabihin mo naman ito sa mga Israelita."

### Ang Tarangkahan sa Gawing Silangan

[5]Ang nakita ko ay templo na napapaligiran ng pader. Kinuha noong tao ang kanyang panukat na tatlong metro ang haba at sinukat ang pader sa paligid ng templo: Tatlong metro ang kapal nito, gayon din ang taas.

[6]Pagkatapos, pumunta siya sa tarangkahan sa gawing silangan. Pumanhik siya sa mga baytang nito at sinukat ang pintuan; ang taas nito ay tatlong metro rin.

[7]Sa kabila nito ay may daanan at may tigatlong silid sa magkabila. Ang mga silid na ito ay parisukat; tatlong metro ang haba, gayon din ang luwang at ang pader sa pagitan ay dalawa't kalahating metro. Sa kabila ng mga silid na ito ay may daanan patungo sa malaking bulwagan sa harap ng templo. Ang haba nito ay tatlong metro.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8-9 Sinukat niya ang bulwagan. Ang lalim nito ay apat na metro. Ito ang pinakadulo ng daanan sa pintuang malapit sa templo. Ang kapal ng dulo ng pader nito ay isang metro.

10 Pare-pareho ang sukat ng mga silid na ito, at magkakasingkapal ang mga pader sa pagitan.

11 Sinukat din niya ang pasukan papuntang tarangkahan. Ang kabuuang luwang nito'y anim at kalahating metro at limang metro naman ang tarangkahan.

12 Sa harap ng mga silid ng bantay-pinto ay may pader na kalahating metro ang taas, gayon din ang kapal. Ang mga silid ay kuwadrado: tatlong metro ang haba, gayon din ang luwang.

13 Pagkatapos, sinukat niya mula sa gilid ng unang silid hanggang sa huling silid. Ito'y may labindalawa't kalahating metro.

14 Sinukat din niya ang bulwagan sa pasukan at ito'y may sampung metro.

15 Ang kabuuang haba ng daanan mula sa tarangkahan hanggang sa huling silid ay dalawampu't limang metro.

16 Ang mga silid ay may bintana upang makita ang labas at mayroon din sa mga pader sa pagitan ng mga silid. Sa mga pader naman sa loob ng silid ay may dibuhong puno ng palmera.

**Ang Patyo sa Labas**

17 Dinala niya ako sa patyo sa labas. Doon ay may tatlumpung silid na nakadikit sa pader. Sa harap ng mga silid na ito ay may bahaging nalalatagan ng bato

18 na abot sa gusali sa pasukan. Ito ay mababa kaysa patyo sa loob.

19 May mas mataas na daanan patungo sa patyo sa loob. Sinukat noong tao ang pagitan ng dalawang daanan at umabot ng limampung metro.

**Ang Tarangkahan sa Gawing Hilaga**

20 Pagkaraan, sinukat niya ang daanan sa gawing hilaga na papunta rin sa patyo sa labas.

21 Ang tigatlong silid ng mga bantay-pinto, ang mga pader sa pagitan at ang bulwagan ay kasinlaki rin ng nasa tarangkahan sa gawing silangan. Ang haba ng daanan ay dalawampu't limang metro at labindalawa't kalahating metro ang luwang.

22 Ang bulwagan, mga bintana, at dibuhong puno ng palma ay katulad nga ng nasa tarangkahan sa gawing silangan. Pito ang baytang nito at nasa dulo ang bulwagan paharap sa patyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Sa tapat ng tarangkahang ito ay may tarangkahan ding papasok sa patyo sa loob, tulad ng sa gawing silangan. Sinukat niya ang pagitan ng tarangkahan sa hilaga at ng tarangkahan sa timog at ito'y umabot ng limampung metro.

### Ang Tarangkahan sa Gawing Timog

24Dinala niya ako sa gawing timog at doo'y mayroon ding tarangkahan. Sinukat niya ito. Ito'y kasukat din ng ibang tarangkahan.

25May mga bintana rin ito sa paligid tulad ng ibang tarangkahan. Ang haba ng daanan nito ay dalawampu't limang metro at labindalawa't kalahating metro naman ang luwang.

26Pito rin ang baytang nito at nasa dulo ang bulwagan paharap sa patyo. May tig-isang dibuho ng puno ng palmera ang pader ng pasilyo.

27Mayroon din itong daanan papunta sa patyo sa loob. Ang haba nito ay limampung metro.

### Ang Patyo sa Loob: Ang Tarangkahan sa Timog

28Ako'y ipinasok niya sa patyo sa loob. Sa tarangkahan sa gawing timog kami nagdaan. Sinukat niya ito at kasukat din ng iba.

29-30Ang bulwagan, mga silid nito, at pader sa pagitan ay tulad din ng sa ibang tarangkahan. May mga bintana rin ito. Ang haba ng pasilyo ay dalawampu't limang metro at labindalawa't kalahating metro naman ang luwang.

31Ang bulwagan nga nito ay paharap sa panlabas na patyo, may dibuho ring puno ng palmera ang pader ng daanan at walo ang baytang patungo sa tarangkahang ito.

### Ang Patyo sa Loob: Ang Tarangkahan sa Silangan

32Itinuloy niya ako sa loob ng patyo sa gawing silangan. Sinukat niya ang tarangkahan nito. Ito ay kasukat din ng iba,

33gayon din ang bulwagan, mga silid ng bantay-pinto, at ang pader sa pagitan. Naliligid ito ng mga bintana. Ang haba ng daanan ay dalawampu't limang metro at labindalawa't kalahating metro naman ang lapad.

34Paharap sa patyo sa labas ang bulwagan, may dibuho ring puno ng palmera ang pader at walong baytang ang hagdan.

### Ang Patyo sa Loob: Ang Tarangkahan sa Hilaga

35Pagkatapos, dinala niya ako sa may tarangkahan sa gawing hilaga at ito'y kanyang sinukat. Kasukat din ito ng iba,

36gayon din ang bulwagan, mga silid at ang pader sa pagitan. Ang haba ng bulwagan ay dalawampu't limang metro at labindalawa't kalahating metro naman ang lapad. Ito ay may mga bintana rin sa paligid.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

37Paharap sa patyo sa labas ang bulwagan nito, may dibuho ring puno ng palmera ang pader na pasilyo at walo ang baytang ng hagdan.

### Ang mga Gusali sa Tabi ng Tarangkahan sa Hilaga

38Ang patyo sa labas ay may isang kuwarto; nakadikit ito sa tarangkahan sa loob sa gawing hilaga at abot sa bulwagang nakaharap sa patyo. Doon nila nililinis ang mga hayop na pinatay upang sunugin sa altar bilang handog.

39Sa magkabilang panig ng bulwagan ay may apat na mesa. Dito naman nila pinapatay ang mga hayop na ihahandog, kahit na susunugin, handog para sa kapatawaran ng kasalanan, o handog na pambayad sa kasalanan.

40May apat na mesa rin sa labas, tigalawa sa magkabila ng tarangkahan sa gawing hilaga.

41Tig-apat ang mesa sa loob at labas ng bulwagan. Sa mga mesang ito pinapatay ang lahat ng hayop na panghandog.

42Yari sa tinapyas na bato ang apat na mesang patungan ng hayop na susunugin bilang handog. Ang taas nito ay kalahating metro, 0.7 metro ang lapad at ang haba. Dito inilalagay ang mga kasangkapang pangkatay sa mga handog.

43Sa paligid ng mga mesa ay may pinakapasamanong singlapad ng isang palad. Sa mesa ipinapatong ang karneng panghandog.

44Dinala ako sa patyo sa loob. Doon ay may dalawang tanging silid: ang isa'y nakaharap sa timog at ang isa nama'y nakaharap sa hilaga.

45Sinabi sa akin noong lalaki, “Ang silid na nakaharap sa timog ay ukol sa mga paring nangangasiwa sa templo,

46at ang nakaharap sa hilaga ay para naman sa mga paring nangangasiwa sa altar. Sila'y mga anak ni Zadok, ang sambahayan mula sa lipi ni Levi na siya lamang maaaring maglingkod sa harapan ni Yahweh.”

47Sinukat ng lalaki ang patyo sa loob. Ito'y parisukat na limampung metro. Nasa gawing kanluran ang templo at nasa harap nito ang altar.

### Ang Patyo sa Loob at ang Templo

48Isinama niya ako sa bulwagang papasok ng templo. Sinukat niya ang pasukan nito: dalawa't kalahating metro ang lalim at pitong metro naman ang luwang. Ang kapal ng pader ay isa't kalahating metro.

49Ang haba ng bulwagan ay sampung metro at anim na metro ang lalim. Ito ay may dalawa pang pinakatukod sa magkabila, bukod sa dalawang malalaking poste.

## Ezekiel 41

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[1]Pagkatapos, ipinasok ako ng lalaking iyon sa Dakong Kabanal-banalan. Sinukat niya ang daanan nito: tatlong metro ang taas,

[2]limang metro ang luwang at dalawa't kalahating metro naman ang kapal ng pader. Sinukat niya ang bulwagan. Ang haba nito ay dalawampung metro at sampung metro ang luwang.

[3]Pumasok siya sa huling silid. Sinukat niya ang daanan nito. Ang taas nito ay isang metro, tatlong metro ang luwang at ang kapal ng pader ay tatlo't kalahating metro.

[4]Sinukat niya ang bulwagan. Ang luwang nito ay sampung metro, gayon din ang haba. Sinabi niya sa akin, “Ito ang Dakong Kabanal-banalan.”

**Ang mga Silid na Nakadikit sa Pader**

[5]At sinukat din niya ang panloob na pader ng templo. Ang kapal nito ay tatlong metro. Sa pader na ito na nakapaligid sa templo ay may sunud-sunod na mga silid na tig-dadalawang metro ang luwang.

[6]Tatlong palapag ang mga silid, bawat palapag ay may tatlumpung silid. Ang pader ng palapag sa itaas ay manipis kaysa nasa ibaba pagkat sa gilid ng pader nakasalalay ang bawat palapag.

[7]Sa labas ng mga silid na ito ay may malapad na hagdanang nakadikit sa pader at siyang daanan papunta sa mga palapag. Kung tingnan sa labas ay waring pareho ang kapal ng pader mula sa ibaba hanggang sa itaas. Ngunit sa loob, ang itaas na palapag ay maluwang kaysa sumusunod na palapag.

[8]Nakita kong may balkonaheng dalawa't kalahating metro sa paligid ng templo. Tatlong metro ang taas nito mula sa lupa at kapantay ng pundasyon ng mga silid sa gilid.

[9-10]Ang kapal ng pader ng mga silid na ito ay dalawa't kalahating metro. Sa paligid ng templo ay may bahaging bukás sa pagitan ng balkonahe at ng silid ng mga pari. Ang bakanteng lugar ay may sukat na sampung metro.

[11]May isang pinto papunta sa lugar ng mga silid sa gawing hilaga at isa sa timog; ito'y palaging bukás. Ang luwang ng asutea sa palibot ng templo ay dalawa't kalahating metro.

**Ang Gusali sa Gawing Kanluran**

[12]Sa dulo sa gawing kanluran ay may isang gusali na apatnapu't limang metro ang haba at tatlumpu't limang metro naman ang luwang; dalawa't kalahating metro ang kapal ng pader nito.

**Ang Kabuuang Sukat ng Templo**

[13]Sinukat ng lalaki ang labas ng templo. Ang haba nito ay limampung metro. Mula sa likod ng templo hanggang sa gusali sa kanluran ay limampung metro rin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Ang pagitan mula sa harap ng templo, pati ng patyo ay limampung metro rin.

15Sinukat din niya ang haba ng gusali. Ito'y limampung metro pati ang mga silid sa magkabila.

**Ang Templo**

Ang mga silid na pasukan sa templo, ang Dakong Banal at ang Dakong Kabanal-banalan, at ang bulwagan sa gawing labas ay

16nababalot ng tabla, mula sa sahig hanggang bintana.

17-18Ang loob naman ng templo ay balot ng tablang kasintaas ng pinto at may ukit na larawan ng palmera at kerubin; salitan ang larawan ng palmera at kerubin. Bawat kerubin ay may dalawang mukha:

19isa ay mukha ng tao, mukha naman ng leon ang isa. Ang mga ito'y magkatalikod at parehong nakatingin sa puno ng palmera. Ganito ang larawang nakaukit sa lahat ng dingding ng templo.

20Kasintaas ng pinto ang mga tablang may nakaukit na larawan ng kerubin at puno ng palmera.

**Ang Altar na Kahoy**

21Ang mga hamba ng pinto ng Dakong Banal ay parisukat. Sa harap ng Dakong Kabanal-banalan ay may parang

22altar na kahoy. Ang taas nito'y isa't kalahating metro, isang metro naman ang luwang. Kahoy ang mga paa nito, gayon din ang patungan at ang dingding. Sinabi sa akin ng lalaki, “Iyan ang mesa sa harapan ni Yahweh.”

**Ang mga Pinto**

23Sa magkabilang dulo ng daanan papunta sa Dakong Banal ay may pinto, gayon din ang papunta sa Dakong Kabanal-banalan.

24Ang mga pinto ay tigalawang paypay; bawat paypay ay may tigalawang bisagra.

25Ang pinto papunta sa Dakong Banal ay may nakaukit ding larawan ng kerubin at puno ng palmera, tulad ng nasa dingding. May kahoy na panakip sa labas ng bulwagang-pasukan.

26Sa bawat panig ng Dakong Banal ay may mga bintana at ang mga dingding ay natatakpan ng tablang may inukit na puno ng palmera.

## Ezekiel 42

**Ang Dalawang Gusali na Malapit sa Templo**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Ako'y isinama ng lalaki sa patyo sa labas at nagtuloy kami sa gusali sa gawing hilaga ng templo at malapit sa dulo nito sa kanluran.

2Ang haba ng gusaling ito ay limampung metro at dalawampu't limang metro naman ang luwang.

3Ang kalahati nito ay nakaharap sa patyong sampung metro ang luwang at ang isa pang kalahati sa patyong nalalatagan ng bato. Ito ay tatlong palapag.

4Sa hilaga ng gusali ay may isang daanang apat at limang metro ang luwang at limampung metro ang haba.

5Ang mga silid sa pangatlong palapag ay maliit kaysa una at pangalawa dahil sa balkon nito.

6Ang mga silid mula sa una hanggang ikatlong palapag ay walang haligi, di tulad ng ibang gusali sa patyo sa labas.

7-8Ang pader sa ibaba ay may luwang na dalawampu't limang metro, kalahati ng kabuuang haba; sa natitirang dalawampu't limang metro ay may mga silid. Sa itaas na palapag ay nakahanay ang mga kuwarto mula puno hanggang dulo.

9-10Sa silangang dulo ng gusali sa ilalim ng mga silid na ito ay may mga pinto palabas sa patyo. Sa gawing timog ng templo ay may isa pang gusali, hindi kalayuan sa kanlurang dulo ng templo.

11Sa harap ng mga silid ay may daang katulad at kasukat ng nasa gawing hilaga.

12Sa dulo ng hanay ng mga silid sa gawing timog ay mayroon ding pinto.

13Sinabi sa akin noong lalaki, “Ang mga gusaling ito ay sagrado. Dito kakanin ng mga pari ang ganap na sagradong bahagi ng mga handog. Dito rin ilalagay ang mga pinakasagradong handog tulad ng handog na pagkaing butil, handog para sa kapatawaran ng kasalanan at handog na pambayad sa kasalanan, pagkat itinalaga ang mga silid na iyon.

14Pagkagaling nila sa templo at ibig nilang lumabas sa patyo, huhubarin muna nila roon ang kanilang kasuotan. Iba ang kasuotang gagamitin nila pagharap sa mga tao.”

**Ang Sukat ng Paligid ng Templo**

15Matapos sukatin noong tao ang loob ng templo, lumabas kami sa tarangkahan sa gawing silangan at sinukat niya ang labas.

16-19Ang gawing silangan ay 250 metro, gayon din ang gawing timog, kanluran, at hilaga.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

20Sinukat nga niya ang apat na panig. Napapaligiran ng pader upang mabukod sa karaniwan ang tanging lugar na ito.

## Ezekiel 43

### Ang Templo'y Muling Napuno ng Kaluwalhatian ni Yahweh

1Dinala ako ng lalaki sa tarangkahan sa gawing silangan.

2Doon, nakita kong dumarating mula sa silangan ang kaluwalhatian ng Diyos ng Israel, parang dagundong ng malaking baha. Nagliwanag ang lupa dahil sa kaluwalhatiang yaon.

3Ang pangitaing ito ay tulad ng nakita ko nang wasakin ang Jerusalem. Tulad din ito noong nakita ko sa Ilog Kebar. At ako'y dumapa sa lupa.

4Ang nakakasilaw na liwanag ay nagdaan sa pintuan sa silangan at pumasok sa templo.

5Itinayo ako ng Espiritu at ipinasok sa patyo sa loob. Nakita kong ang buong templo'y punung-puno ng kaluwalhatian ni Yahweh.

6Magkatabi kaming nakatayo noong lalaki. Maya-maya, may narinig akong nagsasalita sa akin mula sa templo.

7Ang sabi, “Ezekiel, anak ng tao, ito ang aking trono, at ito ang tuntungan ng aking mga paa. Ito ang magiging tahanan ko sa aking paninirahan sa gitna ng Israel. Ang pangalan ko'y di na nila lalapastanganin, ni ng kanilang mga hari, sa pamamagitan ng pagsamba sa mga diyus-diyosan at sa kanilang mga yumaong hari.

8Ang pintuan nila at ang aking pintuan ay may pagitan lamang na isang pader. Nilapastangan nila ang aking pangalan sa pamamagitan ng kasuklam-suklam nilang gawain kaya nilipol ko sila.

9At ngayo'y titigil na sila sa pagsamba sa diyus-diyosan at sa yumao nilang mga hari. Kaya, maninirahan ako sa gitna nila habang panahon.”

10Sinabi ni Yahweh, “Ezekiel, anak ng tao, ipaliwanag mo sa sambahayan ni Israel ang kaayusan ng templong ito upang mahiya sila sa kanilang kasamaan.

11Kung magkagayon, ilarawan mong mabuti sa kanila ang kabuuan ng templo: ang kaayusan, pasukan at labasan. Ipaliwanag mo sa kanila at isulat pagkatapos ang mga tuntunin at kautusan tungkol dito upang ito'y masunod nilang mabuti.

12Ito ang tuntunin tungkol sa templo. Lahat ng lugar sa paligid nito sa tuktok ng bundok ay aariin ninyong kabanal-banalan.”

### Ang Altar

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Ito ang sukat ng altar: Ang patungan sa lupa ay may kalahating metro ang lalim, gayon din ang lapad. Ang paligid nito'y lalagyan ng moldeng 0.3 metro ang lapad. Ang taas naman

14mula sa patungan ay isang metro hanggang sa unang pasamano, at kalahating metro ang lapad. Mula sa maliit hanggang sa malaking pasamano ay dalawang metro pataas, at kalahating metro ang lapad.

15Ang taas ng bahagi ng altar na sunugan ng mga handog ay dalawang metro. Ang pinakasungay nito sa apat na sulok ay mataas kaysa altar.

16Ang altar ay parisukat: anim na metro ang luwang, gayon din ang haba.

17Parisukat din ang panggitnang bahagi: pitong metro ang haba, gayon din ang luwang. Ito'y paliligiran ng molde na 0.3 metro ang lapad. Ang lapad ng pinakaalulod ay kalahating metro. Ang hagdan ng altar ay nasa gawing silangan.

**Ang Pagtatalaga sa Altar**

18Sinabi sa akin ni Yahweh, "Ezekiel, anak ng tao, ito ang tuntuning ipinapasabi ko tungkol sa altar. Kapag ito'y yari na, itatalaga mo ito sa pamamagitan ng pagsusunog ng mga handog at pagwiwisik ng dugo ng mga hayop na inihandog.

19Ang mga paring Levita lamang na mula sa sambahayan ni Zadok ang makakapaglingkod sa akin. Akong si Yahweh ang nag-uutos. Bibigyan mo sila ng isang torong panghandog para sa kasalanan.

20Kukuha ka ng dugo nito upang ipahid sa apat na sungay ng altar, sa apat na sulok ng panggitnang bahagi, at sa gilid. Sa ganito mo lilinisin at itatalaga ang altar.

21Ang panghandog na ito para sa kasalanan ay susunugin sa isang tanging lugar sa labas ng templo.

22Kinabukasan, isang kambing na lalaki at walang kapintasan naman ang inyong ihahandog; lilinisin din ang templo sa paraang ginawa nang ihandog ang toro.

23Pagkalinis ng altar, maghahandog kayo ng isang toro at isang lalaking tupa, parehong walang kapintasan.

24Ang mga ito'y ihahandog ninyo sa akin; aasnan muna ito ng mga pari bago sunugin bilang handog.

25Pitong araw kayong maghahandog; araw-araw, isang lalaking kambing, tupa at baka na parehong walang kapintasan.

26Pitong araw ninyong lilinisin ang altar upang ganap itong maitalaga sa akin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Sa ikawalong araw, ang inyong handog na susunugin at handog na pagkain ay maaari na ninyong ihain sa altar. Sa gayon, ako'y malulugod sa inyong lahat. Akong si Yahweh ang maysabi nito."

## Ezekiel 44

### Ang Tuntunin tungkol sa Pintuan sa Gawing Silangan

1Lumabas kami sa pinto ng templo, sa pinto sa gawing silangan. Pagkalabas namin, sumara ito nang kusa.

2Sinabi sa akin ni Yahweh, "Mananatiling nakasara ang pintong ito. Walang dadaan dito sapagkat ito'y dinaanan ni Yahweh.

3Ang pinuno lamang ng Israel ang maaaring kumain sa hapag ni Yahweh; siya ay papasok sa tarangkahan patungo sa gawing dulo; doon din siya lalabas."

### Ang mga Tuntunin sa Pagpasok sa Altar

4Dinala ako ng lalaki sa may pintuan sa gawing hilaga, sa may harap ng templo, at nakita kong ito'y nagliliwanag sa kaluwalhatian ni Yahweh. Ako'y sumubsob sa lupa.

5Sinabi sa akin ni Yahweh, "Ezekiel, anak ng tao, pakinggan mo at tandaang mabuti itong mga tuntuning sasabihin ko sa iyo tungkol sa templo ni Yahweh. Tandaan mong mabuti kung sinu-sino ang maaaring pumasok dito at ang hindi.

6Sabihin mo sa sambahayang yaon na matigas ang ulo, sa sambahayan ni Israel: Ito ang ipinapasabi ni Yahweh na Diyos: Sambahayan ni Israel, tigilan na ninyo ang kasuklam-suklam ninyong gawain.

7Ang mga dayuhan, mga taong may maruruming puso at isipan ay pinahihintulutan ninyong pumasok sa aking templo; sa gayo'y nasasalaula ito. Nangyayari ito sa inyong paghahandog sa akin ng pagkain, taba at dugo. Sinira ninyo ang aking tipan sa pamamagitan ng inyong kasuklam-suklam na gawain.

8Sa halip na kayo ang mangalaga sa mga bagay na itinalaga sa akin, ipinaubaya ninyo sa ibang tao.

9"Mula ngayon, akong si Yahweh ang nagsasabi sa inyo na walang taga-ibang bayang may maruming puso at hindi tuli ang maaaring pumasok sa aking templo, kahit na ang mga ito'y kasamang namamahay ng mga Israelita.

10Ang mga Levita na tumalikod sa akin at nalulong sa pagsamba sa diyus-diyosan ay paparusahan ko.

11Gayunman, sila pa rin ang maglilingkod sa aking templo at magbabantay sa mga pintuan nito. Sila pa rin ang gagawa ng mga dapat gawin sa loob ng

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

templo. Sila rin ang magpapatay at maghahandog ng mga haing susunugin ng mga mamamayan, at maglilingkod sa akin para sa mga tao.

12Ang mga paring ito ay naglingkod sa mga diyus-diyosan, anupa't naging dahilan ng kasamaan ng sambahayan ng Israel, kaya naman isinusumpa kong sila'y aking paparusahan.

13Hindi sila makakalapit sa akin, ni makakapaglingkod bilang mga pari. Hindi rin sila maaaring lumapit sa mga dakong itinalaga sa akin. Sa gayon, malalagay sila sa kahihiyan dahil sa kasuklam-suklam nilang gawain.

14Gagawin ko na lamang silang katulong sa ibang gawain sa loob ng templo."

**Ang mga Pari**

15"Ang mga paring Levita lamang na mula sa angkan ni Zadok ang maaaring lumapit sa akin at maglingkod nang tuwiran, sapagkat sila ang patuloy na nangalaga sa aking templo nang talikuran ako ng Israel. Kaya naman, sila lamang ang maaaring maghandog sa akin ng pagkain, taba at dugo," sabi ni Yahweh.

16"Sila lamang ang papasok sa aking templo at lalapit sa aking hapag upang maglingkod sa akin at magsakatuparan ng aking iniuutos.

17Telang lino ang kasuotan nila pagpasok pa lamang sa patyo. Huwag silang magsusuot ng anumang yari sa lana habang sila'y naglilingkod sa loob ng patyong ito.

18Telang lino rin ang gagamitin nilang turbante, gayon din ang salawal. Huwag silang magbibigkis para hindi sila pawisan.

19Bago sila humarap sa mga tao sa patyo sa labas, huhubarin muna nila ang kasuotan sa paglilingkod sa Diyos. Itatago ito sa sagradong silid, saka magbibihis ng iba upang ang kabanalan ng kasuotang iyon ay hindi makapinsala sa mga mamamayan.

20Huwag silang magpapakalbo ngunit huwag namang gaanong magpapahaba ng buhok; ito ay kanilang gugupitin sa katamtamang haba.

21Huwag silang iinom ng alak kung sila ay papasok sa patyo sa loob.

22Huwag silang mag-aasawa ng babaing pinalayas at hiniwalayan ng asawa, ni sa balo liban na lamang kung balo ng isa ring pari. Ang kukunin nilang asawa ay isang Israelitang hindi pa nasisipingan o kaya'y balo ng kapwa nila pari.

23Ituturo nila sa mga tao kung ano ang pagkakaiba ng itinalaga kay Yahweh at ng hindi. Ituturo rin nila kung paano ang pagkilala sa malinis at sa marumi ayon sa tuntunin.

24Kung may hidwaan ang mga mamamayan, sila ang hahatol ayon sa kanilang kaalaman sa usapin. Isasagawa nila sa takdang panahon ang lahat

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ng aking mga tuntunin at Kautusan. Patuloy rin nilang susundin ang mga tuntunin ukol sa Araw ng Pamamahinga.

25Huwag silang lalapit sa kaninumang bangkay liban sa ama, ina, kapatid na lalaki o kapatid na dalaga, upang hindi sila ituring na marumi ayon sa Kautusan.

26Pagkatapos niyang isagawa ang tuntunin ng paglilinis makaraang marumihan siya ng bangkay, bibilang pa siya ng pitong araw bago ibilang na malinis ayon sa Kautusan.

27At pagpasok niya sa patyo sa loob upang maglingkod sa Banal na Dako, maghahandog siya ng kanyang handog para siya luminis at makapaglingkod muli sa templo. Akong si Yahweh ang nagsabi nito.

28“Ang mga pari ay hindi kasama sa partihan sa lupain; ako mismo ang kanilang pinakamana. Hindi sila bibigyan ng anumang ari-arian sa Israel, ako ang kanilang pinakabahagi.

29Ang ikabubuhay nila ay ang handog na pagkaing butil, handog para sa kapatawaran ng kasalanan, at handog na pambayad ng kasalanan. Tatanggap sila mula sa lahat ng handog na iniaalay ng mga Israelita sa akin.

30Ang pinakamainam sa mga unang bunga at lahat ng handog ng Israel ay mauukol sa mga pari, gayon din ang pinakamasarap ninyong pagkain. Sa gayon, patuloy ko kayong pagpapalain.

31Ang mga pari ay hindi kakain ng anumang hayop o ibon na kusang namatay o nilapa ng mailap na hayop.”

## Ezekiel 45

### Tuntunin tungkol sa Partihan ng Lupain

1Sa paghahati ninyo ng lupain, magbubukod kayo ng isang bahagi para kay Yahweh. Ito ang sukat ng inyong ibubukod: 12.5 kilometro ang haba, at 10 kilometro naman ang luwang.

2Susukat kayo rito ng 250 metro parisukat para tayuan ng templo at ang paligid ay lalagyan ng patyong dalawampu't limang metro ang luwang.

3Para sa Dakong Kabanal-banalan, susukat kayo ng 12.5 kilometro ang haba at limang kilometro ang luwang.

4Ito ang pinakatanging lugar ng lupain at siyang mauukol sa mga paring maglilingkod sa templo, sa harapan ni Yahweh; ito ang magiging tirahan nila at tayuan ng templo.

5Isa pang lote na 12.5 kilometro ang haba at 5 kilometro ang luwang ay para naman sa mga paring maglilingkod sa kabuuan ng templo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Karatig ng bahaging itinalaga para sa akin, mag-iiwan kayo ng isang lote na 12.5 kilometro ang haba at 2.5 kilometro naman ang luwang. Ito ay para sa lahat ng Israelita.

### Ang Lupain Ukol sa Pinuno ng Israel

7Sa pinuno ng Israel, ang iuukol ay ang karatig ng bahaging itinangi kay Yahweh. Ang nasa gawing kanluran ay sagad sa Dagat Mediteraneo, at ang sa gawing silangan ay abot sa ilog. Ito ay magkakasinlaki ng kaparte ng bawat lipi.

8Ito ay para sa kanila at nang hindi na nila apihin ang iba pang lipi ng Israel.

### Ang mga Tuntunin para sa Pinuno

9Ito ang ipinapasabi ng Panginoong Yahweh: “Mga pinuno ng Israel, tigilan na ninyo ang karahasan at pang-aapi sa aking bayan. Sa halip, pairalin ninyo ang katarungan at ang katuwiran. Tigilan na ninyo ang pangangamkam sa lupain ng aking bayan.

10“Ang inyong timbangan, sukatan ng harina, at kiluhan ay kailangang maaayos, walang daya, at husto sa sukat.

11Ang panukat na ginagamit sa mga harina at ang panukat na ginagamit sa langis ay kailangang pareho ang sukat, tig-ikasampung bahagi ng isang malaking sisidlan; ang malaking sisidlan naman ay ang pamantayan ng sukat.

12Ang takalang siklo ay katumbas ng labindalawang gramo. Ang inyong mina ay katumbas ng animnapung siklo.

13“Ito naman ang inyong ihahandog: 1/60 na bahagi ng lahat ng inyong inaning trigo at gayundin sa sebada,

141/100 na bahagi sa lahat ng inyong nagawang langis. (Ang panukat na gagamitin sa harina at langis ay parehong tig-isang bahagi ng malaking sisidlan.)

15Sa tupa naman ay isa sa bawat dalawandaan. Ito ang inyong handog na pagkaing butil, susunugin, at pangkapayapaan bilang kabayaran nila,” sabi ni Yahweh.

16“Ang mga handog na ito ay ibibigay sa pinuno ng Israel.

17Ang pinuno ng Israel ang mamamahala sa mga handog na susunugin, pagkaing butil, inumin para sa mga pista, pagdiriwang kung bagong buwan, mga Araw ng Pamamahinga, at sa lahat ng takdang pagdiriwang ng bayang Israel. Siya rin ang bahala sa mga handog para sa kasalanan, handog na susunugin at handog pangkapayapaan, bilang kabayaran sa kasalanan ng bayang Israel.”

### Mga Kapistahan

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

(Exo. 12:1-20; Lev. 23:33-43)

18Ipinapasabi ni Yahweh: "Sa unang araw ng unang buwan, pipili kayo ng isang toro na walang kapintasan upang gamitin sa paglilinis ng templo.

19Ang paring nanunungkulan ay sasahod ng dugo ng handog para sa kasalanan. Ipapahid niya iyon sa poste sa pinto ng templo, sa apat na sulok ng altar, at sa mga poste sa pintuan patungo sa patyo sa loob.

20Ganito rin ang gagawin sa ikapitong araw para sa sinumang nagkamali o nagkasala nang di sinasadya. Ganito ninyo lilinisin ang templo.

21"Sa ikalabing apat naman ng unang buwan, ipagdiriwang ninyo ang Pista ng Paskwa; pitong araw na hindi kayo kakain ng tinapay na may pampaalsa.

22Sa araw na iyon, ang pinuno ng Israel ay maghahanda ng isang toro bilang handog para sa kasalanan niya at ng buong bayan.

23Sa pitong araw na kapistahan, maghahanda siya araw-araw ng isang toro at isang tupang walang kapintasan bilang handog na susunugin, at isang kambing na lalaki bilang handog naman para sa kasalanan.

24Para sa isang toro o sa tupa, limang salop ng harina bilang handog na pagkaing butil, kasama ang apat na litrong langis.

25"Ganito rin ang ihahanda sa pitong araw na Pista ng mga Tolda tuwing ika-15 araw ng ika-7 buwan, bilang handog para sa kasalanan, handog na susunugin, at handog na pagkaing butil."

## Ezekiel 46

### Ang Pinuno at ang mga Pista

1Ipinapasabi ni Yahweh: "Ang daanan sa gawing silangan papunta sa patyo sa loob ay mananatiling nakasara sa loob ng anim na araw ng paggawa at ibubukas lamang kung Araw ng Pamamahinga at Pista ng Bagong Buwan.

2Ang pinuno ay papasok sa bulwagan at tatayo sa may poste ng tarangkahan habang inihahandog ng pari ang handog na susunugin pati ang haing pangkapayapaan; doon lamang siya sasamba sa labas. Pagkatapos, lalabas siya ngunit iiwang bukás ang pinto hanggang sa gabi.

3Ang bayan naman ay sasamba kay Yahweh kung Araw ng Pamamahinga at Pista ng Bagong Buwan ngunit doon lamang sila sa may pintuan.

4Kung Araw ng Pamamahinga, ang ihahandog ng pinuno ay anim na tupa at isang tupang lalaki na parehong walang kapintasan.

5Para sa tupang lalaki ay limang salop ng handog na pagkaing butil, kasama ng apat na litrong langis. Ang para naman sa bawat kordero ay ayon sa kanyang kakayanan bukod sa apat na litrong langis.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Kung Pista ng Bagong Buwan, ang ihahandog niya'y isang toro, anim na tupa, at isang tupang lalaki na parehong walang kapintasan.

7Sa bawat toro at tupang lalaki ay tiglimang salop ng handog na pagkaing butil. Ang para naman sa batang kordero ay ayon sa kanyang kakayanan bukod pa sa apat na litrong langis.

8Ang pinuno ay sa bulwagan ng tarangkahan papasok at doon din lalabas.

9"Pagsamba naman ng mga tao tuwing takdang kapistahan, lahat ng papasok sa pinto sa hilaga ay sa timog lalabas, at lahat ng pumasok sa timog ay sa hilaga lalabas. Walang pahihintulutang lumabas sa pintong pinasukan niya; lahat ay tuluy-tuloy.

10Ang pinuno ay kasabay nilang papasok at lalabas ng templo.

11"Tuwing kapistahan at bawat takdang panahon, ang handog na pagkaing butil ay limang salop ng harina para sa bawat toro o tupang lalaki, at ayon sa kakayanan naman para sa batang kordero, bukod sa apat na litrong langis.

12Kung ang pinuno ay maghahain ng handog na susunugin o ng handog pangkapayapaan, bilang kusang handog, doon siya pararaanin sa pinto sa gawing silangan; gagawin niya ito kung Araw ng Pamamahinga. Paglabas niya, isasara ang pinto.

**Ang mga Handog Araw-araw**

13"Tuwing umaga, maghahanda ng isang tupang walang kapintasan bilang handog na susunugin.

14Ito'y sasamahan ng isang salop ng handog na pagkaing butil, at 1 1/3 litrong langis na pangmasa sa harina. Ito ang inyong tuntunin ukol sa pang-araw-araw na handog kay Yahweh.

15Araw-araw ay ganyan ang tupa, pagkaing butil at langis na inyong ihahandog."

**Ang Pinuno at ang Lupain**

16Ipinapasabi ng Panginoong Yahweh: "Kapag ang anak ng pinuno ay pinamanahan niya ng kanyang ari-arian, iyon ay mananatiling pag-aari ng anak.

17Ngunit kapag binigyan ang isang alipin, ang ibinigay ay kanya lamang hanggang sa pagsapit ng Taon ng Paglaya. Paglaya niya, ibabalik niya sa pinuno ang ari-ariang ibinigay sa kanya pagkat iyon ay para sa mga anak nito.

18Ang pinuno ay hindi dapat mangamkam ng ari-arian ng mga mamamayan. Ang ari-arian lamang niya ang maaari niyang ibigay sa kanyang mga anak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Sa gayon, maiiwasang agawan ng ari-arian ang sinuman sa aking mamamayan."

### Ang Lutuan ng mga Handog

19Dinala ako ng lalaki sa hanay ng mga silid ng pari sa gawing timog at doo'y itinuro niya sa akin ang isang lugar sa gawing kanluran.

20Sinabi niya sa akin, "Ang handog na pambayad sa kasalanan at ang handog para sa kapatawaran ng kasalanan, at handog na pagkaing butil ay diyan lulutuin ng mga pari. Huwag itong ilalabas para hindi mapinsala ng kabanalan niyon ang mga tao."

21Dinala niya ako sa patyo sa labas, at ibinaybay sa apat na sulok nito. Sa bawat sulok ay may patyo;

22maliit at pare-pareho ang laki. Dalawampung metro ang haba ng bawat isa, at labinlimang metro naman ang luwang.

23Napapaligiran ito ng mababang pader at may apuyan sa tabi.

24Sinabi niya sa akin, "Dito naman lulutuin ng mga katulong ang handog ng mga mamamayan."

## Ezekiel 47

### Ang Batis mula sa Templo

1Bumalik kami sa pintuan ng templo. Sa ilalim nito'y may agos ng tubig papunta sa silangan. Ang templo'y paharap sa silangan. Ang agos ay nagmumula sa gawing timog na bahagi ng templo, sa gawing timog ng altar.

2Lumabas kami sa pintuan sa gawing hilaga at iniligid niya ako papalabas sa pintuan sa gawing silangan. Doon ay may mahinang agos ng tubig mula sa gawing timog ng hagdanan.

3Nagtuloy kami sa gawing silangan; may hawak siyang panukat. Sumukat siya ng 500 metro. Pagkatapos, lumusong kami sa tubig na hanggang bukung-bukong.

4Sumukat muli siya ng 500 metro at umabot ito hanggang tuhod. Sumukat siyang muli ng 500 metro at nang lumusong kami sa tubig, ito'y hanggang baywang.

5Sumukat uli siya ng 500 metro ngunit iyon ay isa nang ilog at hindi na ako makalusong. Malalim ang tubig at kailangang languyin upang matawid.

6Sinabi niya sa akin, "Ezekiel, anak ng tao, tandaan mo ang lugar na ito." Naglakad kami sa pampang ng nasabing ilog.

7Nang ako'y pabalik na, nakita ko ang makapal na puno sa magkabilang pampang ng ilog.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

8Sinabi niya sa akin, “Ang tubig na ito ay papunta sa dakong silangan, hanggang Dagat na Patay. Pag-abot nito sa Dagat na Patay, malilinis ang tubig nito.

9Lahat ng lugar na maagusan nito ay magkakaroon ng lahat ng uri ng hayop at isda. Pagdating ng agos nito sa Dagat na Patay, magiging tabang ang tubig ng dagat. Lahat ng lugar na abutin nito ay magkakaroon ng buhay.

10Pupuntahan ito ng mga mangingisda. Ang En-gedi hanggang En-eglain ay magiging lugar ng pangisdaan sapagkat iba't ibang uri ang isda rito, tulad ng nasa Dagat Mediteraneo.

11Ngunit ang mga latian ay mananatiling maalat para may makunan ng asin.

12Sa magkabilang pampang ng ilog ay tutubo ang sari-saring punongkahoy na makakain ang bunga. Hindi malalanta ang mga dahon nito ni mawawalan ng bunga sapagkat ang didilig dito ay ang tubig na umaagos mula sa templo; ito ay patuloy na mamumunga sa buong taon. Ang bunga nito ay pagkain, at gamot naman ang mga dahon.”

**Ang mga Hangganan**

13Ipinapasabi ng Panginoong Yahweh: “Ito ang gagawing paghahati ng lupain para sa labindalawang lipi ng Israel; dalawang bahagi ang mauuwi sa lipi ni Jose.

14Pare-pareho ang gagawing hati. Ang lupaing ito ang aking ipinangako sa inyong mga magulang upang maging inyo.

15“Ito ang hangganan ng buong lupain, sa hilaga; ang Dagat Mediteraneo, tuloy ng Hetlon, sa may pagpasok ng Hamat at tuloy ng Sedad,

16Berota, Sibraim na nasa may hangganan ng Damasco at Hamat, hanggang sa Hazerhatico, sa hangganan ng Hawan.

17Samakatuwid, ang hangganan sa hilaga ay mula sa Dagat Mediteraneo hanggang Hazar-enon, sa gawing hilaga ng Damasco.

18“Sa silangan: mula sa Hazar-enon, pagitan ng Damasco at Hauran, sa baybayin ng Jordan, pagitan ng Gilead at Israel, sa dagat sa gawing silangan hanggang Tamar.

19“Sa timog: mula sa Tamar hanggang sa tubigan ng Meriba-kades, binaybay ang Batis ng Egipto hanggang sa Dagat Mediteraneo.

20“Sa kanluran: ang Dagat Mediteraneo hanggang sa tapat ng pagpasok sa Hamat.

21“Ito ang lupaing hahatiin mo sa mga lipi ng Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Ito ang pinakamana mo at ng mga taga-ibang lugar na kasama ninyo at nagkaanak nang kasama ninyo. Sila'y ituturing na parang tunay na Israelita at kahati sa lupaing mamanahin ng Israel.

23Ang mapupunta sa kanila ay magmumula sa bahagi ng liping kinabibilangan niya."

## Ezekiel 48

### Ang Paghahati ng Lupain

1Ito ang magiging ayos ng partihan ng bawat lipi: mula sa dulong hilaga, sa gawi ng Hetlon hanggang Lebohamat at Hazar-enan sa gawing timog ng Damasco, mula sa silangan hanggang kanluran ay para sa lipi ni Dan.

2Kahangga ng lipi ni Dan, mula sa silangan hanggang kanluran ay para sa lipi ni Asher.

3Kahangga ng lipi ni Asher mula sa silangan hanggang kanluran ay para sa lipi ni Neftali.

4Kahangga ng lipi ni Neftali mula sa silangan hanggang kanluran, isang bahagi para sa lipi ni Manases.

5Kahangga ng lipi ni Manases mula sa silangan hanggang kanluran ay para sa lipi ni Efraim.

6Kahangga ng lipi ni Efraim, mula sa silangan hanggang kanluran ay para sa lipi ni Ruben.

7Kahangga ng lipi ni Ruben, mula sa silangan hanggang kanluran, ay para naman sa lipi ni Juda.

### Ang Gitnang Bahagi ng Lupain

8Ang bahaging nasasakupan ng lipi ni Juda ay ibubukod; ang sukat nito ay 12.5 kilometro parisukat. Sa loob nito itatayo ang templo.

9Ang iuukol ninyo kay Yahweh ay 12.5 kilometro ang haba at 10 kilometro ang luwang.

10Ganito naman ang gagawing hati sa bahaging iniukol kay Yahweh: ang inilaang bahagi ay mauuwi sa mga pari: 12.5 kilometro ang haba, at limang kilometro naman ang luwang. Ang templo ni Yahweh ay sa gitna nito itatayo.

11Ang bahaging ito ay para sa mga pari, sa mga anak ni Zadok pagkat patuloy nilang sinunod ang aking mga utos kahit noong tumalikod sa akin ang Israel. Di nila tinularan ang mga Levita.

12Ang bahaging ito ng lupaing itatalaga kay Yahweh ay tanging para sa kanila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Katabi nito sa gawing timog ay para naman sa mga Levita; 12.5 kilometro ang haba at limang kilometro naman ang luwang.

14Hindi nila ito maaaring ipagbili o ipagpalit; ni hindi nila ito maaaring isalin sa iba pagkat itinalaga kay Yahweh.

15Ang natitirang 2.5 kilometro sa luwang, at 12.5 kilometro sa haba ay para sa lahat. Maaari itong tirhan at gamitin ng kahit sino at sa gitna nito ang lunsod.

16Ito naman ang sukat ng lunsod: 2,250 metro ang haba, gayon din ang luwang.

17Sa paligid nito ay mag-iiwan kayo ng bakanteng 125 metro.

18Ang natitira pa sa magkabilang dulo na humahangga sa bahaging iniukol kay Yahweh na tiglimang kilometro ang haba at dalawa't kalahating kilometro ang luwang ay para naman sa mga mag-aasikaso ng lunsod; lahat ng aanihin dito ay ukol sa kanila.

19Ang mga manggagawang ito sa lunsod ay mula sa iba't ibang lipi ng Israel.

20Lahat-lahat ng inyong ibubukod ukol kay Yahweh at sa lunsod ay 12.5 kilometrong parisukat.

### Ang Kaparte ng Pinuno

21Ang natitira sa magkabilang panig ng itinalaga kay Yahweh at ng bahagi para sa lunsod ay ukol naman sa pinuno. Ang ukol kay Yahweh

22at sa lunsod ay nasa gitna ng dalawang bahagi ukol sa pinuno at ito naman ay nakapagitan sa bahaging ukol sa lipi nina Juda at Benjamin.

### Ang Kaparte ng Ibang Lipi

23Ito naman ang para sa iba pang lipi: mula rin sa silangan hanggang kanluran ay para sa lipi ni Benjamin.

24Karatig ng bahagi ng lipi ni Benjamin ang bahagi naman ukol sa lipi ni Simeon.

25Karatig ng lipi ni Simeon ang ukol sa lipi ni Isacar;

26karatig ng lipi ni Isacar ang ukol sa lipi ni Zebulun;

27karatig ng lipi ni Zebulun ang ukol sa lipi ni Gad.

28Sa timog, ang hangganan ng ukol sa lipi ni Gad ay mula sa Tamar hanggang sa may bukal ng Kades, sa hangganan ng Egipto hanggang sa Dagat Mediteraneo.

29Ganyan ang magiging paghahati ng lupain sa mga lipi ng Israel.

### Ang mga Pintuan ng Jerusalem

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Ganito naman ang tungkol sa mga pintuan ng lunsod: Sa hilaga—ang luwang ay 2,250 metro—

31ay tatlong pinto para sa lipi nina Ruben, Juda at Levi. Ang pangalan ng mga pintong ito ay isusunod sa pangalan ng mga lipi ng Israel.

32Sa gawing silangan—ang luwang ay 2,250 metro—ay tatlong pinto rin para naman sa lipi nina Jose, Benjamin at Dan.

33Sa gawing timog—ang luwang ay 2,250 metro—ay tatlo rin ang pinto at para naman sa lipi nina Simeon, Isacar at Zebulun.

34Sa gawing kanluran—ang luwang ay 2,250 metro—ay tatlong pinto rin at para naman sa lipi nina Gad, Asher at Neftali.

35Ang sukat sa paligid ng lunsod ay 9,000 metro. Mula ngayon, ang ipapangalan sa lunsod ay, ‘Naroon si Yahweh.’

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Daniel

## Daniel 1

### Si Daniel at ang Kanyang mga Kaibigan

1Nang ikatlong taon ng paghahari ni Haring Jehoiakim sa Juda, ang Jerusalem ay kinubkob ni Nebucadnezar na hari ng Babilonia.

2Pinahintulutan ng Panginoon na bihagin niya si Haring Jehoiakim at samsamin ang ilang kasangkapan sa Templo. Lahat ng ito ay dinala ni Nebucadnezar sa lupain ng Babilonia at inilagay sa kabang-yaman ng templo ng kanyang mga diyos.

3Iniutos ng hari kay Aspenaz, ang pinakamataas na opisyal ng palasyo, na pumili ng ilang Israelitang kabilang sa angkan ng mga hari at ilan sa angkan ng mga maharlika.

4Ang pipiliin nila ay mga kabataan na walang kapansanan, makikisig, matatalino, madaling turuan, may malawak na pang-unawa at karapat-dapat maglingkod sa palasyo. Tuturuan din sila ng wika at panitikan ng mga taga-Babilonia.

5Iniutos ng hari na sila'y paglaanan ng pagkain at alak araw-araw mula sa kanyang sariling pagkain at alak. Tatlong taon silang sasanayin bago maglingkod sa hari.

6Kabilang sa mga napili ay sina Daniel, Hananias, Misael, at Azarias na pawang nagmula sa lipi ni Juda.

7Binigyan sila ni Aspenaz ng mga bagong pangalan. Si Daniel ay Beltesazar, Shadrac naman si Hananias, Meshac si Misael, at Abednego si Azarias.

8Ngunit ipinasya ni Daniel na hindi niya durungisan ang kanyang sarili sa pamamagitan ng mga pagkain at alak na galing sa hari. Kaya, ipinakiusap niya kay Aspenaz na huwag silang pakainin at painumin ng mga iyon.

9Niloob naman ng Diyos na siya'y kalugdan at pagbigyan ni Aspenaz.

10Ngunit sinabi niya kay Daniel, “Natatakot lamang ako sa gagawin sa akin ng mahal na hari na naglalaan ng pagkain at inumin ninyo kapag nakita niyang mas mahina kayo kaysa sa ibang mga kabataan na kasing-edad ninyo. Tiyak na papupugutan niya ako ng ulo.”

11Dahil dito, lumapit si Daniel sa bantay na pinagkatiwalaan ni Aspenaz na mangalaga sa kanya at sa tatlo niyang kaibigan.

12Pakiusap niya, “Subukin ninyo kami sa loob ng sampung araw. Gulay lang at tubig ang ibigay ninyo sa amin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Pagkatapos, ihambing ninyo kami sa mga kasing-edad namin na pinapakain ninyo ng pagkaing bigay ng hari at gawin ninyo sa amin ang nararapat."

14Sinubok nga sila sa loob ng sampung araw.

15At pagkalipas ng sampung araw, nakitang mas malulusog at malalakas sila kaysa mga kasing-edad nilang pinakain ng pagkaing galing sa hari.

16Kaya, gulay at tubig na lang ang ibinigay sa kanila sa halip na pagkain at inuming galing sa hari.

17Binigyan ng Diyos ang apat na kabataan ng kaalaman at kakayahan sa panitikan at agham. Bukod dito, binigyan pa si Daniel ng kakayahang umunawa at magpaliwanag ng lahat ng uri ng pangitain at panaginip.

18Pagkaraan ng tatlong taon na itinakda ng hari sa pagsasanay sa kanila, ang lahat ng kabataang pinili ni Aspenaz ay iniharap niya kay Haring Nebucadnezar.

19Kinausap sila ng hari at nakita niyang walang kapantay sina Daniel, Hananias, Misael at Azarias. Kaya't naging lingkod sila ng hari.

20Nakita ng hari na sa lahat ng bagay na itanong sa kanila, sampung ulit na mas mahusay at magaling sila kaysa mga salamangkero at mga enkantador ng kaharian.

21Naglingkod si Daniel doon hanggang sa unang taon ng paghahari ni Ciro.

## Daniel 2

### Ang Panaginip ni Nebucadnezar

1Noong ikalawang taon ng paghahari ni Nebucadnezar, siya ay nagkaroon ng masamang panaginip. Kaya siya'y nabagabag at hindi makatulog.

2Dahil dito, ipinatawag niya ang lahat ng salamangkero, enkantador, mangkukulam, at astrologo upang ipaliwanag ang kanyang panaginip.

3Sinabi niya sa kanila, "Nanaginip ako at ito ang bumabagabag sa akin hanggang ngayon. Ipaliwanag nga ninyo ang kahulugan ng aking panaginip."

4Sumagot ang mga astrologo sa wikang Aramaico, "Mabuhay ang hari! Sabihin po ninyo ang panaginip at ipapaliwanag namin."

5Sinabi ng hari sa mga astrologo, "Ipinag-uutos kong sabihin muna ninyo ang aking panaginip saka ninyo ipaliwanag. Kung hindi, ipapapatay ko kayo at ipawawasak ang inyong mga tahanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[6]Kapag nasabi naman ninyo at naipaliwanag ang aking panaginip, gagantimpalaan at pararangalan ko kayo. Kaya sabihin na ninyo at ipaliwanag sa akin ang aking panaginip."

[7]Muli silang sumagot, "Mahal na hari, sabihin po ninyo ang panaginip at ipapaliwanag namin."

[8]Sinabi naman ng hari, "Alam kong pinahahaba lang ninyo ang oras dahil sa sinabi ko sa inyo

[9]na iisa ang hatol ninyo kapag hindi ninyo nasabi at naipaliwanag sa akin ang aking panaginip. Nagkaisa kayong magsinungaling sa akin sa pag-aakalang magbabago pa ang aking isip sa paglipas ng oras. Sabihin ninyo ang aking panaginip at saka ako maniniwalang maipapaliwanag nga ninyo iyon."

[10]Sumagot ang mga astrologo, "Wala pong tao sa daigdig na makakagawa ng iniuutos ninyo. Wala ring hari, gaano man ang kapangyarihan niya, na nag-utos ng ganyan sa sinumang salamangkero, manghuhula, o astrologo.

[11]Napakahirap gawin ng iniuutos ninyo. Mga diyos lamang ang makakagawa niyan at hindi sila namumuhay na kasama ng tao."

[12]Dahil sa sagot na ito, nagalit ng husto ang hari kaya't ipinag-utos niyang patayin ang lahat ng mga tagapayo sa buong Babilonia.

[13]Saklaw ng kautusang ito ang lahat ng matatalinong tao sa kaharian pati si Daniel at ang kanyang mga kaibigan.

**Inihayag ng Diyos kay Daniel ang Panaginip**

[14]Kaya, maingat na kinausap ni Daniel si Arioc, ang kapitan ng mga tanod ng hari na siyang inutusan upang patayin ang mga matatalinong tagapayo ng Babilonia.

[15]Tinanong niya ito, "Bakit po nag-utos ng ganito kabigat ang mahal na hari?" At sinabi naman sa kanya ni Arioc ang dahilan.

[16]Dahil dito, nagpunta sa hari si Daniel at nakiusap na bigyan pa siya ng panahon at ipapaliwanag niya ang panaginip nito.

[17]Matapos payagan, umuwi si Daniel at sinabi kina Hananias, Misael at Azarias ang pangyayari.

[18]Hiniling niyang sama-sama silang manalangin sa Diyos ng kalangitan tungkol sa hiwagang iyon upang hindi sila patayin kasama ng mga matatalinong tagapayo ng Babilonia.

[19]Nang gabing iyon, sa pamamagitan ng pangitain ay inihayag ng Diyos kay Daniel ang nasabing hiwaga. Kaya't pinuri niya ang Diyos ng kalangitan.

[20]Ang sabi ni Daniel: "Purihin magpakailanman ang pangalan ng Diyos, pagkat siya'y marunong at makapangyarihang lubos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Siyang nakakapagbago ng mga kapanahunan, naglalagay at nag-aalis ng mga hari sa luklukan; siyang nagbibigay ng karunungan sa matatalino at kaalaman sa may pang-unawa.

22Naghahayag ng mga lihim at kahiwagaan; nakatatalos sa mga nasa kadiliman, sapagkat ang kaliwanagan sa kanya'y nananahan.

23Pinupuri ko kayo at pinasasalamatan, O Diyos ng aking mga magulang, dahil sa kaloob ninyo sa aking lakas at karunungan, ngayo'y ibinigay ninyo sa akin ang aking kahilingan, panaginip ng hari sa ami'y ipinaalam.”

**Ipinaliwanag ni Daniel ang Panaginip ng Hari**

24Pagkatapos, bumalik si Daniel kay Arioc, ang opisyal na inutusan upang patayin ang mga tagapayo ng Babilonia. Sinabi niya, “Huwag mo munang patayin ang mga matatalinong tao. Samahan mo ako sa hari at ipapaliwanag ko ang kanyang panaginip.”

25Dali-daling iniharap ni Arioc si Daniel sa hari. Sinabi niya, “Mahal na hari, narito po ang isa sa mga dinalang-bihag mula sa Juda. Siya po ang makapagpapaliwanag sa inyong panaginip.”

26Si Daniel na tinatawag na Beltesazar ay tinanong ng hari, “Masasabi at maipapaliwanag mo ba sa akin ang aking panaginip?”

27Sumagot si Daniel, “Ang hiwagang gustong alamin ng hari ay hindi maipapaliwanag ng sinumang matalinong tagapayo, enkantador, salamangkero, o manghuhula.

28Ngunit mayroon pong isang Diyos sa kalangitan na naghahayag ng mga hiwaga at ipinakita niya sa Haring Nebucadnezar ang mga mangyayari sa mga darating na panahon. Ito ang panaginip na inyong nakita habang kayo'y natutulog:

29“Mahal na hari, ang panaginip ninyo ay tungkol sa mangyayari sa hinaharap at ipinapaalam ito sa inyo ng Diyos na nakakaalam ng lahat ng hiwaga.

30Ang hiwagang ito ay ipinaalam sa akin, hindi dahil ako'y higit na matalino kaysa iba, kundi upang ipaliwanag ito sa inyo at upang maunawaan ninyo ang gumugulo sa inyong isipan.

31“Mahal na hari, ang nakita ninyo ay isang malaki at nakakasilaw na rebulto. Nakatayo ito sa inyong harapan at nakakatakot pagmasdan.

32Ang ulo nito ay lantay na ginto, at pilak ang dibdib at mga bisig. Tanso naman ang tiyan at mga hita nito.

33Ang mga binti ay bakal at ang mga paa ay pinaghalong bakal at putik.

34Habang pinagmamasdan ninyo ito, may batong natipak sa bundok na bumagsak sa mga paa ng rebulto at nadurog ang mga paa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

35Pagkatapos, nadurog ding lahat ang bakal, putik, tanso, pilak, at ginto. Naging parang ipa ito at tinangay ng hangin at walang naiwan kahit bakas. Samantala, ang tipak ng batong bumagsak dito ay naging isang napakalaking bundok na pumuno sa buong daigdig.

36“Mahal na hari, iyan po ang inyong panaginip, at narito naman ang kahulugan:

37Kayo po ang pinakadakila sa lahat ng mga hari. At kayo po ay pinagkalooban ng Diyos sa langit ng kaharian, kapangyarihan, lakas, at karangalan.

38Niloob ng Diyos na masakop ninyo ang lahat ng tao, hayop, at ibon sa lahat ng dako. Kayo ang ulong gintong iyon.

39Ang susunod sa inyo ay ang ikalawang kaharian na mas mahina kaysa inyo. Pagkatapos, lilitaw ang pangatlong kaharian na isinasagisag ng tanso, at sasakupin nito ang buong daigdig.

40Ang pang-apat na kaharian ay sintigas ng bakal. Katulad ng nagagawa ng bakal, dudurugin ng kahariang ito ang buong daigdig.

41Ang kahulugan naman ng nakita ninyong mga paa na yari sa bakal at putik ay ito: mahahati ang kaharian ngunit mananatili ang tigas ng bakal sapagkat ito'y nakahalo sa putik.

42Ganito naman ang kahulugan ng mga paang yari sa pinaghalong bakal at putik: May bahagi itong matibay at may bahagi namang marupok.

43Ang kahulugan ng pinagsamang bakal at putik ay pag-aasawa ng magkakaibang lahi; ngunit hindi ito magtatagal kung paanong hindi maaaring paghaluin ang bakal at putik.

44Sa panahon ng mga haring iyon, ang Diyos sa kalangitan ay magtatatag ng isang kahariang hindi maibabagsak kailanman, ni masasakop ninuman. Dudurugin nito at ganap na wawasakin ang iba pang kaharian, at mananatili ito magpakailanman. Kaya't hindi na makakabangon ang mga iyon kahit kailan.

45Katulad ito ng inyong nakitang tipak ng bato na dumurog sa rebultong yari sa bakal, putik, tanso, pilak, at ginto. Mahal na hari, ang mangyayari sa hinaharap ay ipinapaalam na sa inyo ng dakilang Diyos. Ito po ang inyong panaginip at tiyak ang kahulugan nito.”

### Ginantimpalaan si Daniel

46Yumukod si Haring Nebucadnezar na lapat ang mukha sa lupa at nagbigay galang kay Daniel. Pagkatapos, iniutos niyang handugan ito ng insenso at iba pang alay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

47Sinabi niya kay Daniel, "Tunay na ang Diyos mo ang pinakadakila sa lahat ng mga diyos at Panginoon ng mga hari. Siya ang tagapagpahayag ng mga hiwaga kaya naipahayag mo ang hiwagang ito."

48Pinarangalan ng hari si Daniel at binigyan ng napakaraming handog. Siya ay ginawa nitong tagapamahala sa buong lalawigan ng Babilonia at pinuno ng lahat ng mga tagapayo ng Babilonia.

49Hiniling naman ni Daniel sa hari na sina Shadrac, Meshac at Abednego ay gawing tagapangasiwa sa Babilonia upang siya'y makapanatili sa palasyo ng hari.

# Daniel 3

### Iniutos sa Lahat na Sumamba sa Rebultong Ginto

1Si Haring Nebucadnezar ay nagpagawa ng rebultong ginto na dalawampu't pitong metro ang taas at may tatlong metro naman ang lapad. Ipinatayo niya ito sa kapatagan ng Dura sa lalawigan ng Babilonia.

2Pagkatapos, ipinatawag niya ang mga pinuno ng mga rehiyon, mga pinuno ng mga hukbo, mga gobernador ng mga lalawigan, mga tagapayo, mga ingat-yaman, mga hukom, mga mahistrado at iba pang mga pinuno ng kaharian, para sa pagtatalaga sa nasabing rebulto.

3Nang nasa harap na sila ng rebulto,

4malakas na ipinahayag ng tagapagbalita, "Iniuutos sa lahat ng tao, mula sa lahat ng bansa at wika,

5na lumuhod at sumamba sa rebultong ipinagawa ni Haring Nebucadnezar sa sandaling marinig ang tunog ng tambuli, plauta, lira, sitar, alpa, at iba pang instrumento.

6Sinumang hindi sumunod sa utos na ito ay ihahagis agad sa naglalagablab na pugon."

7Nang marinig nga ng mga tao ang tunog ng mga instrumento, agad silang lumuhod at sumamba sa rebultong ginto na ipinagawa ni Haring Nebucadnezar.

### Pinaratangan ang Tatlong Judio

8Sinamantala ito ng ilang mga mamamayan ng Babilonia upang paratangan ang mga Judio.

9Sinabi nila kay Haring Nebucadnezar, "Mabuhay ang mahal na hari!

10Iniutos po ninyo na lumuhod at sumamba sa inyong rebultong ginto ang sinumang makarinig sa tugtog ng mga instrumento.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[11]At sinumang hindi sumunod ay ihahagis sa naglalagablab na pugon.

[12]Hindi po sumusunod sa utos ninyo sina Shadrac, Meshac, at Abednego, ang mga Judiong inilagay ninyo bilang mga tagapamahala sa Babilonia. Hindi po sila naglilingkod sa inyong diyos ni sumasamba sa ipinagawa ninyong rebultong ginto."

[13]Nagalit si Haring Nebucadnezar nang marinig ito, at ipinatawag niya ang tatlong lalaki.

[14]Sinabi niya, "Shadrac, Meshac, at Abednego, totoo bang hindi kayo naglilingkod sa aking mga diyos ni sumasamba sa rebultong ginto na aking ipinagawa?

[15]Iniuutos ko sa inyong lumuhod kayo at sumamba sa ipinagawa kong rebulto sa sandaling marinig ninyo ang tunog ng mga instrumento. Kung hindi, ipahahagis ko kayo sa naglalagablab na pugon. Sa palagay ba ninyo'y may diyos na makakapagligtas sa inyo mula sa aking kapangyarihan?"

[16]Sinabi nina Shadrac, Meshac at Abednego, "Mahal na haring Nebucadnezar, wala po kaming masasabi sa inyo tungkol sa bagay na ito.

[17]Gawin ninyo kung iyan ang gusto ninyo. Ang Diyos na aming pinaglilingkuran ang magliligtas sa amin sa naglalagablab na pugon at mula sa inyong kapangyarihan.

[18]Kung hindi man niya kami iligtas, hindi pa rin kami maglilingkod sa inyong mga diyos ni sasamba sa rebultong ginto na ipinagawa ninyo."

**Inihagis ang Tatlong Kabataan sa Naglalagablab na Pugon**

[19]Namula ang mukha ni Haring Nebucadnezar sa tindi ng galit kina Shadrac, Meshac at Abednego. Kaya, iniutos niyang painitin pa ng pitong ulit ang pugon.

[20]Inutusan din niya ang ilan sa mga pinakamalakas niyang kawal na gapusin sina Shadrac, Meshac at Abednego at ihagis sa naglalagablab na pugon.

[21]Ginapos nga sila nang hindi na inalis ang damit, ang panloob at panlabas, turbante, at iba pang nakasuot sa kanila, at inihagis sila sa naglalagablab na apoy.

[22]Dahil sa mahigpit ang utos ng hari na patindihin ang init ng pugon lumabas ang apoy kaya nasunog at namatay ang mga kawal na nagdala kina Shadrac, Meshac at Abednego.

[23]Samantala, nakagapos pa rin na bumagsak sa naglalagablab na apoy ang tatlong kabataan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[24]Nagtaka at biglang napatindig si Haring Nebucadnezar at itinanong sa kanyang mga tagapayo, "Hindi ba't tatlo lamang ang inihagis sa apoy?" "Opo, kamahalan," sagot nila.

[25]"Bakit apat ang nakikita kong walang gapos at naglalakad sa gitna ng apoy nang hindi nasusunog? At ang tingin ko sa ikaapat ay parang anak ng mga diyos."

### Pinalaya at Itinaas sa Tungkulin sina Shadrac, Meshac at Abednego

[26]Lumapit si Haring Nebucadnezar sa may bunganga ng pugon. Sinabi niya, "Lumabas kayo riyan at halikayo rito, Shadrac, Meshac at Abednego, mga lingkod ng Kataas-taasang Diyos!" Lumabas nga silang tatlo mula sa pugon

[27]at lumapit sa kanila ang lahat ng mga pinuno ng kaharian. Tiningnan silang mabuti ng mga ito ngunit wala man lamang nakitang bakas ng apoy sa katawan ng tatlo. Hindi nasunog ni bahagya man ang kanilang buhok at ang kanilang kasuotan. Hindi rin sila nag-amoy usok.

[28]Dahil dito, sinabi ng hari, "Purihin ang Diyos nina Shadrac, Meshac at Abednego! Isinugo niya ang kanyang anghel upang iligtas ang mga lingkod niyang ito na ganap na sumampalataya sa kanya. Hindi sinunod ng mga ito ang aking utos; ginusto pa nilang sila'y ihagis sa apoy kaysa sumamba sa diyus-diyosan.

[29]Kaya, ipinag-uutos ko: Sinuman mula sa alinmang lahi, bansa o wika na magsasalita laban sa Diyos nina Shadrac, Meshac at Abednego ay papatayin at ang kanilang bahay ay wawasakin. Walang ibang diyos na makakapagligtas sa tao, tulad ng ginawa ng kanilang Diyos."

[30]At sina Shadrac, Meshac at Abednego ay itinaas niya sa tungkulin sa lalawigan ng Babilonia.

## Daniel 4

### Ang Ikalawang Panaginip ni Haring Nebucadnezar

[1]Gumawa si Haring Nebucadnezar ng isang pahayag para sa lahat ng lahi, bansa at wika sa buong daigdig. Ganito ang isinasaad: "Kapayapaan nawa ang sumainyo.

[2]Buong kagalakang ipinapahayag ko sa inyo ang mga kababalaghan at himala na ipinakita sa akin ng Kataas-taasang Diyos.

[3]"Ang kanyang kababalaghan ay kamangha-mangha at kagila-gilalas ang mga himala! Walang hanggan ang kanyang kaharian; kapangyarihan niya'y magpakailanman.

[4]"Akong si Nebucadnezar ay panatag at masaganang namumuhay sa aking palasyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

5Minsan, nagkaroon ako ng isang nakakatakot na panaginip at mga nakakasindak na pangitain habang natutulog.

6Kaya, ipinatawag ko ang mga tagapayo ng Babilonia upang ipaliwanag sa akin ang panaginip na iyon.

7Dumating naman ang mga salamangkero, mga enkantador, mga astrologo at mga manghuhula. Sinabi ko sa kanila ang aking panaginip ngunit hindi nila ito maipaliwanag.

8Ang kahuli-hulihang nagpunta sa akin ay si Daniel na pinangalanan kong Beltesazar, ayon sa pangalan ng aking diyos sapagkat sumasakanya ang espiritu ng mga banal na diyos. At inilahad ko sa kanya ang aking panaginip. Ang sabi ko:

9Beltesazar, pinuno ng mga salamangkero, alam kong sumasaiyo ang espiritu ng mga banal na diyos at alam mo ang lahat ng hiwaga. Ngayo'y sasabihin ko sa iyo ang aking panaginip at ipaliwanag mo ito sa akin.

10“Ito ang panaginip ko habang ako'y natutulog: May isang napakataas na punongkahoy na nakatanim sa gitna ng daigdig.

11Tumaas ito hanggang sa langit kaya kitang-kita ito ng buong daigdig.

12Madahon ang mga sanga nito at maraming bunga na maaaring kainin ng lahat. Sumisilong sa lilim nito ang mga hayop at ang mga ibon naman ay namumugad sa kanyang mga sanga. Dito kumukuha ng pagkain ang lahat ng nilalang.

13“Nakita ko rin sa panaginip na bumababa mula sa langit ang isang anghel na nagbabantay.

14Sumigaw siya nang malakas, ‘Ibuwal ang punongkahoy na iyan! Putulin ang mga sanga! Lagasin ang mga dahon at isabog ang mga bunga. Itaboy ang mga hayop na nakasilong dito pati ang mga ibong namumugad sa mga sanga nito.

15Ngunit huwag gagalawin ang tuod at mga ugat nito. Tanikalaan ito ng bakal at tanso. Bayaan ito sa damuhan sa gitna ng parang. Bayaang mabasa ng hamog ang taong ito at manirahan sa parang kasama ng mga hayop at mga halaman.

16Ang isip niya'y papalitan ng isip ng hayop sa loob ng pitong taon.

17Ito ang hatol ng mga bantay na anghel upang malaman ng lahat na ang buong daigdig ay sakop ng Kataas-taasang Diyos. Maaari niyang gawing hari ang sinumang nais niya, kahit na ang pinakaabang tao.’

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18“Ito ang panaginip ko, Beltesazar. Ipaliwanag mo ito sa akin. Ito'y hindi naipaliwanag ng mga tagapayo ng Babilonia ngunit naniniwala akong kayang-kaya mo, sapagkat sumasaiyo ang espiritu ng mga banal na diyos.”

**Ang Paliwanag ni Daniel sa Panaginip ng Hari**

19Si Daniel, na tinatawag na Beltesazar ay nabahala at hindi agad nakapagsalita. Sinabi sa kanya ng hari, “Beltesazar, huwag kang mabahala kung anuman ang kahulugan ng aking panaginip.” Sumagot si Daniel, “Mahal na hari, sa mga kaaway nawa ninyo mangyari ang inyong panaginip.

20Ang lumaking punongkahoy na nakita ninyo sa panaginip, tumaas hanggang langit at kitang-kita ng buong daigdig,

21may makapal na dahon at maraming bungang makakain ng lahat, sinisilungan ng mga hayop at pinamumugaran ng mga ibon,

22ay kayo po. Kayo ang lumakas at lumaking puno na abot sa langit na ang nasasakop ay hanggang sa magkabilang panig ng daigdig.

23Ang bantay na inyong nakita ay isang anghel mula sa langit. Sinabi niyang ibubuwal ang punongkahoy at sisirain ngunit iiwan ang tuod nito at lalagyan ng tanikalang bakal at tanso. Sinabi pa niyang ito'y pababayaang mabasa ng hamog, at makakasama siya ng mga hayop sa parang at paparusahan sa loob ng pitong taon.

24Ito po ang kahulugan, mahal na hari: Iyon ang hatol sa inyo ng Kataas-taasang Diyos.

25Itataboy kayo sa parang at doon kayo maninirahang kasama ng mga hayop. Kakain kayo ng damo, tulad ng baka. Sa kaparangan kayo maninirahan at pitong taóng paparusahan hanggang sa kilalanin ninyong ang kaharian ng tao'y nasa ilalim ng kapangyarihan ng Kataas-taasang Diyos, at maibibigay niya ang kahariang ito sa sinumang kanyang naisin.

26Ganito naman ang kahulugan ng tuod na naiwan sa lupa: Maghahari kayong muli sa sandaling kilalanin ninyo na lahat ng tao'y nasa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos.

27Kaya, mahal na hari, dinggin po ninyo itong ipapayo ko. Tigilan na ninyo ang inyong kasamaan at magpakabuti na kayo. Huwag po kayong maging malupit sa mahihirap na mamamayan upang manatiling payapa ang inyong buhay.”

28Lahat ng ito'y naganap sa buhay ni Haring Nebucadnezar.

29Lumipas ang labindalawang buwan mula nang ipaliwanag ni Daniel ang panaginip. Minsan, namamasyal ang hari sa hardin sa bubong ng kanyang palasyo sa Babilonia.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[30]Sinabi niya, “Talagang dakila na ang Babilonia. Ako ang nagtatag nito upang maging pangunahing lunsod at maging sagisag ng aking karangalan at kapangyarihan.”

[31]Hindi pa siya natatapos sa pagsasalita nang isang tinig mula sa langit ang nagsabi, “Haring Nebucadnezar, pakinggan mo ito: Aalisin na sa iyo ang kaharian.

[32]Ipagtatabuyan ka sa parang at doon maninirahan kasama ng mga hayop. Kakain ka ng damo tulad ng baka. Pitong taon kang mananatili sa gayong kalagayan hanggang sa kilalanin mong nasa ilalim ng kapangyarihan ng Kataas-taasang Diyos ang kaharian ng mga tao, at maaari niyang ibigay ito kaninuman niyang naisin.”

[33]Nangyari agad kay Nebucadnezar ang sinabi ng tinig. Itinaboy siya sa parang at kumain ng damo, tulad ng baka. Nabasa siya ng hamog. Humaba ang buhok niya na parang balahibo ng agila, at ang kuko ay naging tila kuko ng ibon.

**Patotoo ni Nebucadnezar**

[34]“Pagkatapos ng takdang panahon, akong si Nebucadnezar ay tumingala sa langit at nanumbalik ang dati kong pag-iisip. Dahil dito, pinuri ko't pinasalamatan ang Kataas-taasang Diyos, ang nabubuhay magpakailanman. Ang kapangyarihan niya'y walang hanggan, ang paghahari niya'y magpakailanman.

[35]Lahat ng nananahan sa lupa ay walang halaga; ginagawa niya sa hukbo ng langit anumang naisin niya. Walang maaaring mag-utos sa kanya ni makakatutol sa kanyang ginagawa.

[36]“Nang manauli ang aking pag-iisip, nanumbalik din ang aking karangalan at kapangyarihan. Muli kong tinanggap ang aking mga tagapayo at mga tagapamahala at ako'y naging higit na dakila at makapangyarihan kaysa dati.

[37]“Kaya, akong si Nebucadnezar ay nagpupuri ngayon at nagpapasalamat sa Hari ng kalangitan sapagkat lahat ng gawa at tuntunin niya ay matuwid at makatarungan; ibinabagsak niya ang mga palalo.”

## Daniel 5

**Ang mga Sulat sa Pader**

[1]Minsan, si Haring Belsazar ay nagdaos ng malaking handaan para sa sanlibo niyang tagapamahala, at nakipag-inuman siya sa kanila.

[2]Nang lasing na si Haring Belsazar, ipinakuha niya ang mga sisidlang ginto at pilak na sinamsam ng ama niyang si Nebucadnezar sa Templo sa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Jerusalem. Ipinakuha niya ang mga ito upang inuman niya at ng mga tagapamahala ng kaharian, ng kanyang mga asawa at mga asawang lingkod.

3Dinala naman sa bulwagang pinagdarausan ng handaan ang mga kagamitang ginto at pilak na sinamsam mula sa Templo ng Diyos sa Jerusalem, at ininuman nila ang mga ito.

4Habang sila'y nag-iinuman, pinupuri nila ang kanilang mga diyos na yari sa ginto, pilak, tanso, bakal, kahoy at bato.

5Walang anu-ano'y lumitaw ang isang kamay ng tao at sumulat ito sa pader ng palasyo sa tapat ng lalagyan ng ilawan. Nakita ito ng hari,

6namutla siya, nangatog ang mga tuhod at nalugmok sa matinding takot.

7Sumigaw siya, “Dalhin dito ang mga enkantador, mga astrologo, at mga manghuhula.” Sinabi niya sa mga ito, “Sinumang makabasa at makapagpaliwanag sa nakasulat na ito ay bibihisan ko ng damit na kulay ube, kukuwintasan ko ng ginto, at gagawin kong ikatlo sa kapangyarihan sa buong kaharian.”

8Dumating lahat ang mga tagapayo ng hari ngunit isa ma'y walang makabasa o makapagpaliwanag sa kahulugan ng nakasulat sa pader.

9Lalong nabagabag at namutla ang hari. Litung-lito naman ang kanyang mga tagapamahala.

10Ang inang reyna ni Haring Belsazar ay pumasok sa bulwagan nang marinig niya ang pag-uusap ng anak niyang hari at ng mga tagapamahala nito. Sinabi niya, “Mabuhay ang anak kong hari. Huwag kang mabagabag at mamutla sa takot.

11Sa kaharian mo ay may isang taong kinakasihan ng espiritu ng mga banal na diyos. Noong panahon ng iyong amang si Nebucadnezar, nagpakita siya ng pambihirang katalinuhan, tulad ng katalinuhan ng mga diyos. Ang lalaking iyon ay hinirang noon ng iyong ama bilang pinuno ng mga salamangkero, mga enkantador, mga nakikipag-usap sa mga espiritu, at mga astrologo

12dahil sa pambihira niyang talino sa pagpapaliwanag ng mga panaginip at ng mga palaisipan, at paglutas ng mabibigat na suliranin. Ang lalaking iyon ay si Daniel na tinawag ng hari na Beltesazar. Ipatawag mo siya at ipapaliwanag niya ito sa iyo.”

**Ipinaliwanag ni Daniel ang Nakasulat sa Pader**

13Iniharap nga si Daniel sa hari. Sinabi nito kay Daniel, “Ikaw pala ang Daniel na kasama sa mga dinalang-bihag ng aking amang hari.

14Nabalitaan kong sumasaiyo ang espiritu ng mga banal na diyos. Mayroon ka raw pambihirang talino at karunungan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[15]Ang sulat na ito ay ipinabasa ko na sa mga tagapayo at mga enkantador upang ipaliwanag sa akin, ngunit hindi nila ito nagawa.

[16]Nabalitaan ko na marunong kang magpaliwanag ng mga panaginip at lumutas ng mga palaisipan. Ngayon, kung mababasa mo at maipapaliwanag ang sulat na ito, bibihisan kita ng damit na kulay ube, kukuwintasan kita ng ginto at gagawing ikatlo sa kapangyarihan sa aking kaharian."

[17]Sinabi ni Daniel sa hari, "Mahal na hari, huwag na po ninyo akong bigyan ng anuman; ibigay na lang po ninyo sa iba ang sinasabi ninyong gantimpala. Babasahin ko na lamang po at ipapaliwanag ang nakasulat.

[18]"Mahal na hari, ang inyong amang si Nebucadnezar ay binigyan ng Kataas-taasang Diyos ng isang kaharian. Niloob ng Diyos na siya'y maging makapangyarihan at binigyan siya ng karangalan.

[19]Dahil sa kapangyarihang iyon, lahat ng tao sa bawat bansa at wika ay nanginig at natakot sa harapan niya. Ipinapapatay niya ang gusto niyang ipapatay at inililigtas niya sa kamatayan ang nais niyang iligtas. Itinataas niya sa tungkulin ang gusto niyang itaas at ibinababâ naman ang gusto niyang ibaba.

[20]Ngunit nang siya'y naging palalo, matigas ang ulo at pangahas, inalis siya sa pagiging hari at nawala ang kanyang karangalan.

[21]Inihiwalay siya sa lipunan at nanirahang kasama ng maiilap na asno. Ang isip niya'y pinalitan ng isip ng hayop. Kumain siya ng damo, tulad ng mga baka. Sa labas siya natutulog at doo'y nababasa ng hamog. Ganyan ang kanyang kalagayan hanggang sa kilalanin niya na ang Kataas-taasang Diyos ang namamahala sa kaharian ng mga tao, at inilalagay niya sa trono ang sinumang nais niya.

[22]"At bagaman alam ninyo ito, Haring Belsazar, hindi kayo nagpakumbaba.

[23]Sa halip, nagmataas kayo sa harapan ng Panginoon ng kalangitan. Ipinakuha ninyo ang mga sisidlang mula sa kanyang Templo at ininuman ninyo at ng inyong mga tagapamahala, mga asawa at asawang lingkod. Bukod doon, sumamba kayo sa mga diyos ninyong yari sa ginto, pilak, tanso, bakal, kahoy at bato, mga diyos na hindi nakakakita, hindi nakakarinig ni nakakaunawa man. At ang Diyos na nagbibigay at nagtatakda ng inyong buhay ay hindi ninyo pinarangalan.

[24]Kaya, ipinadala niya ang kamay na iyon at pinasulat sa dingding ng inyong palasyo.

[25]"Ito ang nakasulat: Mene, Mene, Tekel, Parsin.

[26]Ito naman ang kahulugan: 'Mene,' nabibilang na ang araw ng iyong paghahari sapagkat wawakasan na ito ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

27‘Tekel,’ tinimbang ka at napatunayang kulang.

28‘Peres,’ ang kaharian mo ay mahahati at ibibigay sa Media at Persia.”

29Iniutos ni Haring Belsazar na bihisan si Daniel ng damit na kulay ube at kuwintasan ng yari sa dalisay na ginto. Pagkatapos, ipinahayag niyang ito ang ikatlo sa kapangyarihan sa buong kaharian.

30Nang gabi ring iyon, pinatay si Belsazar, ang hari ng Babilonia.

31Ang kanyang kaharian ay kinuha ni Dario, hari ng Media na noo'y animnapu't dalawang taon na.

# Daniel 6

### Si Daniel sa Kulungan ng mga Leon

1Si Haring Dario ay pumili ng isandaa't dalawampung pinuno ng mga rehiyon sa buong kaharian.

2Pumili rin siya ng tatlong mamamahala sa mga pinuno ng rehiyon at mangangalaga sa kapakanan ng hari, at isa rito si Daniel.

3Si Daniel ang naging pangunahin sa tatlong tagapamahala at sa mga pinuno ng mga rehiyon dahil sa pambihira niyang karunungan. Dahil dito, inisip ng hari na siya ang gawing tagapamahala sa buong kaharian.

4Kaya, ang dalawang kasama niyang tagapamahala at ang mga pinuno ng mga rehiyon ay humanap ng maibibintang kay Daniel upang huwag matuloy ang magandang balak ng hari para sa kanya. Ngunit wala silang makitang dahilan sapagkat laging matapat si Daniel sa kanyang tungkulin.

5Kaya't sinabi nila, “Wala tayong maibibintang sa kanya maliban sa mga bagay na may kinalaman sa kautusan ng kanyang Diyos.”

6Nagkaisa silang humarap sa hari. Sinabi nila, “Mabuhay ang Haring Dario!

7Kami pong mga tagapamahala ng kaharian, mga pinuno ng mga rehiyon, at mga tagapayo ay nagkakaisa ng palagay. Mabuti po'y ipag-utos ninyong sa loob ng tatlumpung araw ay walang sasamba o mananalangin sa ibang diyos o tao liban sa inyo. Sinumang hindi susunod sa utos na ito ay ihuhulog sa kulungan ng mga leon.

8Kaya, mahal na hari, magpalabas po kayo ng gayong kautusan at inyong lagdaan upang maging batas ng Media at Persia—batas na hindi mababago ni mapapawalang bisa.”

9At gayon nga ang ginawa ni Haring Dario.

10Nang malaman ni Daniel na nilagdaan na ng hari ang gayong kautusan, umuwi siya. Lumuhod siya't nanalangin at nagpasalamat sa kanyang Diyos

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

sa isang silid sa itaas ng kanyang tirahan sa may bukás na bintanang nakaharap sa Jerusalem. Tatlong beses niyang ginagawa ito sa maghapon gaya ng kanyang kinaugalian.

11Ngunit binabantayan pala siya ng kanyang mga kaaway. Nang makita siyang nananalangin,

12siya'y kanilang isinumbong sa hari at sinabing, “Hindi po ba't pinagtibay ninyo ang isang kautusan na sa loob ng tatlumpung araw ay walang mananalangin sa sinumang diyos o tao liban sa inyo at ihahagis sa kulungan ng mga leon ang sinumang lumabag dito?” Sumagot ang hari, “Ang kautusan ng Media at Persia ay hindi mababago ni mapapawalang bisa.”

13Sinabi nila, “Mahal na hari, si Daniel po na isa sa mga dinalang-bihag mula sa Juda ay lumabag sa inyong kautusan at tatlong beses pa po kung manalangin araw-araw.”

14Nang malaman ito ni Haring Dario, nabalisa siya at maghapong inisip kung paano maililigtas si Daniel.

15Nang magkaroon muli ng pagkakataon ang mga kaaway ni Daniel, lumapit ang mga ito sa hari at sinabi, “Alalahanin ninyo, mahal na hari, na batas sa Media at Persia na hindi maaaring baguhin ang alinmang kautusan na pinagtibay ng hari.”

16Dahil dito, iniutos ni Haring Dario na ihulog si Daniel sa kulungan ng mga leon. Ngunit sinabi niya rito, “Nawa'y iligtas ka ng Diyos na buong katapatan mong pinaglilingkuran.”

17Ang bunganga ng kulungan ay tinakpan ng isang malaking bato. Tinatakan ito ng pantatak ng hari at ng kanyang mga tagapamahala para hindi mabuksan ng sinuman.

18Ang hari naman ay umuwi sa palasyo. Ngunit magdamag itong hindi makatulog. Hindi siya tumikim ng pagkain at ayaw rin niyang paaliw.

19Kinabukasan, maagang nagbangon ang hari at nagmamadaling pumunta sa kulungan ng mga leon.

20Pagdating doon, malungkot siyang tumawag, “Daniel, tapat na lingkod ng Diyos na buháy! Iniligtas ka ba niya sa mga leon?”

21Sumagot si Daniel, “Mabuhay ang hari!

22Wala pong nangyari sa akin sapagkat ang bibig ng mga leon ay pinatikom ng mga anghel na isinugo ng aking Diyos. Ginawa po niya ito sapagkat alam niyang wala akong kasalanan ni nagawang masama laban sa inyo.”

23Dahil dito, labis na nagalak ang hari at iniutos na iahon si Daniel mula sa kulungan ng mga leon. Nang siya'y maiahon na, wala silang nakita kahit man

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

lang bahagyang galos sa katawan ni Daniel sapagkat nagtiwala siya sa kanyang Diyos.

24Ang mga nagbintang kay Daniel ay ipinahulog ng hari sa kulungan ng mga leon pati ang kanilang mga anak at asawa. Hindi pa sila halos sumasayad sa kulungan ay nilapa na sila ng mga leon.

25Pagkatapos, sinulatan ni Haring Dario ang lahat ng tao sa bawat bansa at wika sa buong daigdig. Isinasaad sa sulat: “Sumainyo ang kapayapaan!

26Iniuutos ko sa lahat ng aking mga nasasakupan na matakot at gumalang sa Diyos ni Daniel. “Sapagkat siya ang Diyos na buháy, at mananatili magpakailanman. Hindi mawawasak ang kanyang kaharian, at mananatili habang panahon ang kanyang kapangyarihan.

27Siya ay sumasaklolo at nagliligtas; gumagawa siya ng mga kababalaghan sa langit at sa lupa. Iniligtas niya si Daniel mula sa mga leon.”

28At naging matagumpay si Daniel sa panahon ni Haring Dario at sa panahon ni Haring Ciro ng Persia.

## Daniel 7

### Ang Pangitain ni Daniel tungkol sa Apat na Halimaw

1Noong unang taon ni Belsazar bilang hari ng Babilonia, si Daniel ay nagkaroon ng pangitain sa kanyang panaginip. Isinulat ito ni Daniel.

2Isang gabi nakita ko na kabi-kabila ay binabayo ng malakas na hangin ang malaking dagat.

3Mula sa dagat ay may umahong apat na iba't ibang halimaw.

4Ang una ay parang leon, ngunit may mga pakpak ng agila; habang ako'y nakatingin, nabunot ang mga pakpak nito. Umangat ito sa lupa at tumayong parang tao. Binigyan ito ng isip ng tao.

5Ang ikalawa naman ay parang oso. Ang dalawang paa lamang nito sa huli ang inilalakad at may kagat pang tatlong tadyang. May tinig na nag-utos dito, “Sige, magpakasawa ka sa karne.”

6Ang ikatlo ay kahawig ng leopardo. Ito'y may apat na pakpak sa likod tulad ng sa ibon, apat din ang ulo, at binigyan ito ng kapangyarihan.

7Pagkaraan, nakita ko ang ikaapat na halimaw. Nakakatakot ito at napakalakas. Bakal ang ngipin nito at niluluray ang anumang makagat at tinatapakan ang matira doon. Kakaiba ito sa tatlong nauna sapagkat ito'y may sampung sungay.

8Pinagmasdan kong mabuti ang mga sungay at nakita kong may tumutubo pang isa. Ang tatlong sungay ay nabunot upang magkaroon ng puwang ang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

sungay na tumutubo. Ang sungay na ito ay may mga mata na tulad sa tao at may bibig na nagsasalita ng sobrang kayabangan.

### Ang Pangitain tungkol sa Nabubuhay Magpakailanpaman

9Habang ako'y nakatingin, mayroong naglagay ng mga trono. Naupo sa isa sa mga ito ang Nabubuhay Magpakailanpaman. Puting-puti ang kanyang kasuotan at gayundin ang kanyang buhok. Ang trono niya'y naglalagablab at ang mga gulong nito'y nagliliyab.

10Parang bukal ang apoy na dumadaloy mula sa kanya. Pinaglilingkuran siya ng milyun-milyon, bukod pa sa daan-daang milyon na nakatayo sa harap niya. Humanda na siya sa paggagawad ng hatol at binuksan ang mga aklat.

11Dahil sa sobrang kayabangang sinasabi ng sungay, muli akong tumingin at nakitang pinatay ang ikaapat na hayop at inihagis ito sa apoy.

12Ang iba namang halimaw ay inalisan ng kapangyarihan ngunit binigyan pa ng panahong mabuhay.

13Patuloy ang aking pangitain. Nakita ko sa alapaap sa langit ang parang isang tao. Lumapit siya sa Nabubuhay Magpakailanpaman.

14Binigyan siya ng kapamahalaan, ng karangalan at ng kaharian upang paglingkuran siya ng lahat ng tao sa bawat bansa at wika. Ang pamamahala niya ay hindi magwawakas, at ang kanyang kaharian ay hindi mawawasak.

### Ang Kahulugan ng mga Pangitain

15Akong si Daniel ay nalito at nabagabag dahil sa pangitaing iyon.

16Kaya't nilapitan ko ang isang nakatayo roon at tinanong ko siya kung ano ang kahulugan ng mga bagay na aking nasaksihan. Ipinaliwanag naman niya ang mga ito sa akin.

17Ang sabi niya, “Ang apat na halimaw ay apat na kahariang lilitaw sa daigdig.

18Ngunit ang mga hinirang ng Kataas-taasang Diyos ang bibigyan ng karapatang mamahala magpakailanman.”

19Hinangad kong malaman ang kahulugan ng ikaapat na halimaw sapagkat malaki ang kaibahan nito sa tatlo at dahil sa nakakatakot ang anyo nito: bakal ang mga ngipin at tanso ang mga panga. Dinudurog nito saka nilulunok ang lahat ng abutan at tinatapakan ang matira.

20Hinangad ko ring malaman ang kahulugan ng sampung sungay at ang kahulugan noong isang sungay na tumubo at naging dahilan para mabunot ang tatlo. Gusto ko ring malaman ang kahulugan ng mga mata at ng bibig sa sungay na sobrang kayabangan ang pinagsasasabi, at kung bakit ang sungay na ito'y mas malaki kaysa iba.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Samantalang ako'y nakatingin, nakita kong dinigma at nilupig ng sungay na ito ang mga hinirang ng Diyos.

22Pagkatapos, dumating ang Nabubuhay Magpakailanpaman at nagbigay ng hatol sa panig ng mga hinirang ng Kataas-taasang Diyos. Dumating ang araw para ibigay sa bayan ng Diyos ang pamamahala sa kaharian.

23Ganito ang sinabi niya sa akin: "Ang ikaapat na hayop ay ang ikaapat na kahariang lilitaw sa daigdig. Kakaiba ito sa lahat ng kaharian sapagkat masasakop, yuyurakan at dudurugin nito ang buong daigdig.

24Ang sampung sungay ay kumakatawan sa sampung hari ng kahariang ito. Sa gitna nila'y lilitaw ang isa na kaiba sa mga nauna at tatlong hari ang kanyang pababagsakin.

25Magsasalita siya laban sa Kataas-taasan at pahihirapan niya ang mga hinirang ng Kataas-taasang Diyos. Tatangkain niyang baguhin ang kautusan at mga takdang kapanahunan. Ang mga hinirang ng Diyos ay ipapailalim sa kanyang kapangyarihan sa loob ng tatlong taon at kalahati.

26Ngunit siya'y hahatulan. Kukunin sa kanya ang kaharian at pupuksain siya nang lubusan.

27Ang kaharian at ang karangalan ng mga kaharian sa buong daigdig ay ibibigay sa mga hinirang ng Kataas-taasang Diyos. Sila ay maghahari magpakailanman. Maglilingkod at susunod sa kanila ang lahat ng kaharian."

28Dito natapos ang pangitain. Akong si Daniel ay lubhang nabahala at namutla sa takot. Sinarili ko na lamang ang mga bagay na ito.

## Daniel 8

### Ang Pangitain tungkol sa Barakong Tupa at Kambing

1Nang ikatlong taon ng paghahari ni Belsazar, akong si Daniel ay nagkaroon ng ikalawang pangitain.

2Sa pangitaing iyon ako'y nasa pampang ng Ilog Ulai, sa napapaderang lunsod ng Susa, lalawigan ng Elam.

3Nakita kong nakatayo sa pampang ng ilog ang isang barakong tupa. May dalawang sungay ito na parehong mahaba ngunit mas mahaba ang sungay na huling tumubo.

4Nakita kong ito'y nanunuwag pakanluran, pahilaga, at patimog. Walang ibang hayop na makalaban sa kanya, ni walang makalapit upang saklolohan ang sinumang daluhungin nito. Nagagawa niya ang gusto niyang gawin, kaya naging palalo siya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5 Habang ito'y pinagmamasdan ko, isang barakong kambing ang sumulpot na humahagibis mula sa kanluran na hindi na halos sumasayad sa lupa ang mga paa. Kapansin-pansin ang sungay nito sa pagitan ng dalawang mata.

6 Galit na galit na sinugod niya ang barakong tupa na nakita kong nakatayo sa pampang ng ilog.

7 Walang pakundangan niya itong pinagsusuwag hanggang sa mabali ang dalawang sungay ng tupa. Hindi naman ito makalaban. Ibinuwal ito ng kambing at niyurakan. Walang makasaklolo sa tupa.

8 Kaya naging palalo ang barakong kambing. Nang nasa sukdulan na ang kanyang lakas, nabali ang sungay niyang malaki ngunit may pumalit na apat na kapansin-pansing sungay na nakatutok sa iba't ibang apat na direksiyon ng kalangitan.

9 Ang isa sa apat niyang sungay ay nagkaroon ng maliit na sanga. Ito ay lumaki nang lumaki hanggang umabot sa timog, sa silangan at sa lupang pangako.

10 Umabot ang kapangyarihan nito hanggang sa kalangitan, at pinabagsak sa lupa ang ilan sa mga bituin at tinapakan ang mga iyon.

11 Kaya naging sobrang yabang ang maliit na sungay at kinalaban nito pati ang pinuno ng hukbo ng kalangitan. Inalis nito ang araw-araw na paghahandog at winasak ang dakong doo'y sinasamba ang pinuno ng hukbo ng kalangitan.

12 Dinaig din nito ang hukbo ng kalangitan at ang araw-araw na paghahandog ay napalitan ng kasamaan. Ang katotohanan ay niyurakan at nagawa ng sungay ang lahat ng gusto niyang gawin.

13 May narinig akong nag-uusap na dalawang anghel. Ang tanong ng isa, “Hanggang kailan tatagal ang mga pangyayaring ito sa pangitain? Hanggang kailan tatagal ang pagpigil sa araw-araw na paghahandog, ang paghahari ng kasamaan, at ang pagyurak sa Templo at sa hukbo ng kalangitan?”

14 “Mangyayari ang mga ito sa loob ng 2,300 gabi at umaga. Pagkatapos, muling itatalaga at gagamitin ang Templo,” sagot ng ikalawa.

### Ipinaliwanag ni Gabriel ang Pangitain

15 Habang akong si Daniel na nakakita ng pangitaing ito ay nagsisikap na maunawaan ang kahulugan nito, biglang lumitaw sa harapan ko ang tulad ng isang tao.

16 At mula sa pampang ng Ilog Ulai ay narinig ko ang isang tinig ng tao na nagsabi, “Gabriel, ipaliwanag mo sa taong ito ang pangitain.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Nang lumapit siya sa akin, dumapa ako sa lupa dahil sa matinding takot. Sinabi niya sa akin, “Tao, unawain mo ito: ang pangitain ay tungkol sa katapusan ng panahon.”

18Samantalang nagsasalita siya, walang malay-tao akong bumagsak sa lupa. Ngunit hinawakan at itinayo niya ako.

19Sinabi niya sa akin, “Sasabihin ko sa iyo kung ano ang mangyayari sa katapusan ng panahon kapag ipinakita na ng Diyos ang kanyang poot.

20Ang dalawang sungay ng barakong tupa na nakita mo ay ang mga hari ng Media at Persia.

21Ang barakong kambing ay ang hari ng Grecia at ang malaking sungay sa pagitan ng kanyang mga mata ay ang unang hari.

22Tungkol naman sa apat na sungay na humalili sa unang sungay, nangangahulugan itong mahahati sa apat ang kaharian ngunit hindi magiging makapangyarihang tulad noong una.

23Sa bandang huli, kapag nasa sukdulan na ang kanilang kasamaan, isang malupit at tusong hari ang lilitaw.

24Magiging makapangyarihan siya at katatakutan ng lahat sapagkat magagawa niya ang lahat niyang magustuhan; lulupigin niya pati ang malalakas at ang mga hinirang ng Diyos.

25Dahil sa kanyang katusuhan, lahat ng balakin niya ay magtatagumpay. Magiging palalo siya at walang pakundangan niyang yuyurakan ang marami. Walang sinumang taong makakahadlang sa kanya; pati ang Pinuno ng mga pinuno ay lalabanan niya. Ngunit pababagsakin siya hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng tao.

26Ang pangitaing nakita mo tungkol sa paghahandog sa gabi at sa umaga ay totoo ngunit ilihim mo muna ito sapagkat matatagalan pa bago ito maganap.”

27Akong si Daniel ay nanghina at nagkasakit nang ilang araw. Pagkatapos, nagbalik ako sa gawain ko sa palasyo ng hari. Nabagabag ako ng pangitaing iyon sapagkat hindi ko iyon maunawaan.

## Daniel 9

### Ang Panalangin ni Daniel para sa Kanyang mga Kababayan

1Noon ay unang taon ng paghahari ni Dario sa Babilonia. Siya ay anak ni Xerxes at buhat sa lahing Medo.

2Akong si Daniel ay nagbabasa ng mga aklat upang alamin ang kahulugan ng pitumpung taóng pagkawasak ng Jerusalem ayon sa sinabi ni Yahweh kay Propeta Jeremias.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[3]Dahil dito, buong taimtim akong nanalangin at nakiusap sa Panginoong Diyos. Nag-ayuno ako, nagsuot ng damit-panluksa at naupo sa abo.

[4]Nanalangin ako kay Yahweh na aking Diyos at inihingi ko ng kapatawaran ang mga kasalanan ng aking mga kababayan. Ganito ang sinabi ko: “O Panginoon, dakila at Kamangha-manghang Diyos na laging tapat sa kasunduan at tunay na nagmamahal sa mga umiibig sa inyo at sumusunod sa inyong mga utos.

[5]Nagkasala po kami at nagpakasama. Naghimagsik po kami at sumuway sa inyong mga tuntunin at utos.

[6]Hindi kami nakinig sa inyong mga lingkod na propeta na binigyan ninyo ng kapangyarihang magpahayag sa aming mga hari, pinuno, magulang at sa buong bayan.

[7]Panginoon, lagi po kayong nasa katuwiran at kami hanggang ngayo'y nasa kahihiyan, gayundin po ang buong Juda at Jerusalem, ang buong Israel, pati ang mga ipinatapon ninyo sa iba't ibang dako dahil sa kanilang kataksilan.

[8]Kami po, O Yahweh, ang aming mga hari, pinuno at magulang ay nahihiya sapagkat nagkasala kami sa inyo.

[9]Panginoon naming Diyos, kayo po ay mahabagin at mapagpatawad sa kabila ng lagi naming paghihimagsik

[10]at pagsuway sa mga utos na ibinigay ninyo sa amin na inyong mga alipin sa pamamagitan ng inyong mga lingkod na propeta.

[11]Ang buong Israel ay nagkasala sa inyo, sumuway sa inyong kautusan at hindi nakinig sa inyong tinig. Dahil dito, ibinuhos ninyo sa amin ang mga sumpa na nasasaad sa aklat ng kautusan ng lingkod ninyong si Moises.

[12]Tinupad ninyo ang inyong sinabi sa amin at sa aming mga pinuno na kami'y inyong paparusahan dahil sa aming pagkakasala; sapagkat sa buong daigdig ay wala pang nangyaring tulad ng dinanas ng Jerusalem.

[13]Tulad ng nasusulat sa Kautusan ni Moises, naranasan namin ang kapahamakang ito. Gayunman, Yahweh, aming Diyos, wala kaming ginawa upang maglubag ang inyong kalooban. Hindi rin namin tinalikuran ang aming kasamaan ni kinilala ang katotohanang inyong ipinapahayag.

[14]Kaya, pinarusahan ninyo kami dahil sa aming pagsuway sapagkat kayo, O Yahweh na aming Diyos ay matuwid sa lahat ng inyong gawa.

[15]Panginoon naming Diyos, ipinakilala ninyo ang inyong kapangyarihan mula nang ilabas ninyo ang inyong bayan mula sa lupain ng Egipto hanggang ngayon. Kinikilala namin ang aming pagkakasala sa inyo.

[16]Kaya nga, O Panginoon, alang-alang sa inyong mabuting gawa, huwag na po kayong mapoot sa Jerusalem na inyong lunsod, ang inyong banal na

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

bundok. Dahil sa kasamaan namin at ng aming mga magulang, ang Jerusalem at ang inyong bayan ay hinahamak ng mga bansang nakapaligid sa amin.

17Dahil dito, O aming Diyos, pakinggan po ninyo ang pakiusap at daing ng inyong alipin at alang-alang sa inyo O Diyos, kahabagan po ninyo ang inyong Templong nawasak.

18O Diyos ko, pakinggan po ninyo kami. Masdan ninyo ang masaklap naming kalagayan at ang pagkawasak ng lunsod na nagtataglay ng inyong pangalan. Lumalapit po kami sa inyo hindi dahil sa kami'y matuwid kundi dahil sa kayo'y mahahabagin.

19Dinggin po ninyo kami, O Panginoon; patawarin po ninyo kami, O Panginoon; kahabagan po ninyo kami, O Panginoon. Alang-alang sa inyo, aking Diyos, huwag na po kayong mag-atubili, yamang ang inyong lunsod at ang inyong sambayanan ay nakatatag sa ibabaw ng inyong kapangyarihan."

**Ipinaliwanag ni Gabriel ang Pahayag**

20Habang ako'y nananalangin at ipinapahayag ko ang aking kasalanan at ang kasalanan ng bayan kong Israel, nakikiusap ako Yahweh, aking Diyos, alang-alang sa banal na bundok ng aking Diyos,

21ang anghel na si Gabriel, na nakita ko sa aking unang pangitain, ay mabilis na lumipad palapit sa akin sa oras ng paghahandog sa gabi.

22Sinabi niya, "Daniel, naparito ako para bigyan ka ng karunungan at pang-unawa.

23Sa simula pa lamang ng iyong pakikiusap ay tinugon ka na ng Diyos. Labis ka niyang minamahal. Naparito ako para sabihin sa iyo ang kanyang tugon, kaya makinig ka upang maunawaan mo ang pangitain.

24"Pitumpung linggo ang panahong palugit sa iyong sambayanan at sa banal na lunsod upang tigilan ang pagsuway, wakasan ang kasamaan, at pagbayaran ang kasalanan. Pagkatapos, maghahari na ang walang hanggang katarungan, magaganap ang kahulugan ng pangitain at ang pahayag; itatalaga na rin ang Kabanal-banalan.

25Unawain mo ito: Mula sa pagbibigay ng utos na muling itayo ang Jerusalem hanggang sa pagdating ng pinunong hinirang ng Diyos ay lilipas ang pitong linggo. Muling itatayo ang Jerusalem, ang mga lansangan at pader nito ay aayusin sa loob ng animnapu't dalawang linggo; ito ay panahon rin ng kaguluhan.

26Pagkalipas ng animnapu't dalawang linggo, papatayin ang hinirang ng Diyos. Ang lunsod at ang templo ay wawasakin ng hukbo ng isang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

makapangyarihang hari. Ang wakas ay darating na parang baha at magkakaroon ng digmaan at pagkawasak na itinakda ng Diyos.

27Ang haring ito'y gagawa ng isang matibay na kasunduan sa maraming tao sa loob ng isang linggo. Pagkaraan ng kalahating linggo, papatigilin niya ang paghahandog. Ilalagay niya sa itaas ng Templo ang kasuklam-suklam na kalapastanganan. Mananatili ito roon hanggang sa wakasan ng Diyos ang naglagay nito."

## Daniel 10

### Ang Pangitain ni Daniel sa Pampang ng Ilog Tigris

1Nang ikatlong taon ng paghahari ni Ciro ng Persia, isang pahayag ang dumating kay Daniel na tinatawag ding Beltesazar. Ang pahayag na iyon ay totoo ngunit mahirap unawain. Ngunit naunawaan din ito ni Daniel sa pamamagitan ng pangitain.

2Noon, akong si Daniel ay tatlong linggo nang nagluluksa.

3Tatlong linggo na rin akong hindi kumain ng anumang masarap na pagkain, ni tumikim man lamang ng karne o alak. Ni hindi ako naglagay ng langis sa aking ulo.

4Noong ikadalawampu't apat na araw ng unang buwan, habang nakatayo ako sa pampang ng malaking Ilog Tigris,

5tumingala ako at may nakita akong isang lalaking nakadamit ng telang lino at may sinturong yari sa lantay na ginto.

6Ang katawan niya'y kumikinang na parang topaz at ang kanyang mukha ay kumikislap na parang kidlat. Nagliliyab na parang sulo ang kanyang mga mata at ang kanyang mga paa't kamay ay nagniningning na parang makinis na tanso. Ang kanyang tinig ay parang ingay ng napakaraming tao.

7Akong si Daniel lamang ang nakakita sa pangitain sapagkat nagtakbuhang nanginginig sa takot at nagsipagtago ang aking mga kasama.

8Naiwan akong mag-isa, kaya ako lang ang nakakita sa pangitain. Nawalan ako ng lakas at ako'y namutla.

9Nagsalita ang lalaking iyon; at nang marinig ko ang kanyang tinig, walang malay akong nasubasob sa lupa.

### Ipinaliwanag ang Pangitain

10Walang anu-ano, may kamay na biglang humawak sa akin. Dahil sa takot, nanginginig pa rin ang aking mga kamay at mga tuhod.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Sinabi niya, "O Daniel, lubos kitang minamahal, tumayo ka at pakinggan mong mabuti ang sasabihin ko. Isinugo ako para sabihin ito sa iyo." Nanginginig naman akong tumayo.

12Sinabi pa niya sa akin, "Huwag kang matakot, Daniel, sapagkat mula pa nang nagpakumbaba ka sa harapan ng Diyos upang magkaroon ka ng pang-unawa, dininig na ang iyong dalangin. Kaya naparito ako.

13Ngunit pinigilan ako ng pinuno ng kaharian ng Persia sa loob ng dalawampu't isang araw, hanggang sa dumating si Miguel, isa sa mga pangunahing pinuno na sumaklolo sa akin sapagkat naiwan ako noong nag-iisa kasama ng mga hari ng Persia.

14Nagtuloy na ako rito upang ipaliwanag kung ano ang mangyayari sa iyong mga kababayan pagdating ng araw. Ang nakita mong pangitain ay tungkol sa hinaharap."

15Matapos niyang sabihin ito, napayuko na lamang ako at hindi makapagsalita.

16At may isang kahawig ng tao na biglang humipo sa aking labi at muli akong nakapagsalita. Sinabi ko sa aking kaharap, "Ginoo, nabagabag po ako at nawalan ng lakas dahil sa pangitaing ito.

17Hindi po ako makapagsalitang tulad ninyo sapagkat wala nga akong lakas. Halos hindi ako makahinga."

18Kaya muli niya akong hinipo at nanumbalik ang aking lakas.

19Sinabi niya sa akin, "Ikaw na labis na minamahal, huwag kang matakot. Ipanatag mo ang iyong kalooban at magpakatapang ka." Pagkatapos niyang magsalita, tuluyan nang nagbalik ang aking lakas. Sinabi ko, "Magpatuloy kayo, ginoo, at naibalik na ninyo ang aking lakas."

20Sinabi niya, "Alam mo ba kung bakit ako naparito? Babalik ako sa Persia upang ituloy ang pakikipaglaban sa pinuno ng kahariang iyon. Pagkatapos ay darating naman ang pinuno ng Grecia.

21Naparito ako upang ipaliwanag sa iyo ang nasa Aklat ng Katotohanan. Sa pakikipaglaban ko'y wala akong makatulong kundi si Miguel na iyong pinuno."

## Daniel 11

1"Nang unang taon ng paghahari ni Dario na taga-Media, pinalakas ni Miguel ang aking kalooban at tinulungan niya ako.

### Ang mga Hari ng Egipto at Siria

2"Ngayon, sasabihin ko sa iyo ang katotohanan: Magkakaroon pa ng tatlong hari ang Persia. Pagkatapos, lilitaw naman ang ikaapat na hari na magiging

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

mas mayaman kaysa sa kanilang lahat. Dahil sa kanyang kayamanan, siya'y magiging makapangyarihan at hahamunin niya ang kaharian ng Grecia.

3Pagkatapos, lilitaw ang isa na namang makapangyarihang hari. Ito ay maghahari sa isang malawak na nasasakupan at gagawin niya ang anumang kanyang maibigan.

4Kapag naghahari na siya, mahahati sa apat ang kanyang kaharian ngunit isa ma'y walang mauuwi sa kanyang mga kaanak. Ang kaharian niya'y masasakop ng mga taga-ibang bayan, ngunit sinuman sa kanila'y hindi magkakaroon ng kapangyarihang mamahala tulad ng sa kanya.

5“Ang hari sa Egipto ay magiging makapangyarihan. Ngunit magiging mas makapangyarihan kaysa kanya ang isa niyang pinuno, at mas magiging malawak ang kaharian nito.

6Pagkalipas ng ilang taon, ang hari ng Egipto ay makikipagkasundo sa hari ng Siria at ipakakasal sa kanya ang anak nitong babae. Ngunit ang pagkakasundo ay di magtatagal. Siya, ang kanyang asawa't anak at ang mga lingkod na sumama sa kanya ay papataying lahat.

7“Hindi magtatagal at isa sa kanyang mga kamag-anak ang magiging hari. Sisirain nito ang tanggulan ng kaharian sa hilaga. Papasukin niya ito at siya'y magtatagumpay.

8Sasamsamin din niya at iuuwi sa Egipto ang kanilang mga diyus-diyosan, pati ang mga kagamitang pilak at ginto. Pagkalipas noon, hindi na niya muling sasalakayin ang kaharian sa hilaga sa loob ng maraming taon.

9At sila naman ang sasalakayin ng mga taga-hilaga. Madadaig sila ngunit babalik din ang mga iyon sa kanilang lupain.

10“Ang mga anak ng hari ng Siria ay magtitipon ng maraming kawal at maghahanda sa pakikipagdigma. Parang baha na sasalakayin ng isa sa kanila ang tanggulan ng hari ng Egipto.

11Dahil dito, galit na haharapin sila ng hari ng Egipto, kasama ang marami nitong kawal na lulupig sa kanila.

12Bunga nito, magiging palalo ang hari ng Egipto dahil sa libu-libong kawal na napatay niya, ngunit hindi magtatagal ang kanyang pagtatagumpay.

13Ang hari ng Siria ay muling magtatayo ng hukbo na mas malaki kaysa una nitong hukbo. Pagkalipas ng ilang taon, muli itong sasalakay kasama ang mas maraming kawal na may dalang napakaraming kagamitang pandigma.

14“Sa panahong iyon, marami ang maghihimagsik laban sa hari ng Egipto, kabilang na ang mga kababayan mong mapupusok. Mag-aalsa rin sila upang matupad ang kanilang hangarin, ngunit mabibigo silang lahat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Ang hari ng Siria ay darating upang kubkubin at salakayin ang isang matibay na lunsod. Walang magagawa ang hukbo ng hari ng Egipto pati ang mga pinakamahuhusay na kawal nito.

16Kaya't magagawa ng Asirianong manlulupig ang lahat ng gusto niya at walang sinumang makakahadlang sa kanya. Sasakupin niya ang lupang pangako at lubusan itong mapapasailalim sa kanyang kapangyarihan.

17“Pipilitin niyang sakupin ang buong kaharian ng Egipto. Makikipagkasundo siya sa hari doon at iaalok ang kanyang anak na babae upang maging asawa nito sa layuning wasakin ang kaharian ng Egipto. Ngunit hindi magtatagumpay ang kanyang layunin.

18Pagkaraan niyon, haharapin niya ang mga bansa sa baybay-dagat at bibihagin ang marami sa mga tagaroon. Ngunit matatalo siya ng isang pinuno at ito ang puputol sa kanyang kapalaluan upang hindi siya makaganti.

19Ang haring ito ay babalik sa mga kuta ng kanyang lupain ngunit matatalo rin at mamamatay.

20“Ang papalit sa haring ito ay magsusugo ng mga taong sapilitang maniningil ng buwis para sa karangalan ng kaharian. Ngunit hindi magtatagal, siya'y mamamatay nang hindi dahil sa labanan o sa digmaan.

### Ang Masamang Hari ng Siria

21“May lilitaw na isang malupit at kinapopootang tao na gustong maging hari. Ngunit hindi ibibigay sa kanya ang karapatan sa trono. Kaya, bigla niyang aagawin ang kaharian sa pamamagitan ng pandaraya at katusuhan.

22Gagapiin niya at dudurugin ang mga hukbong sandatahan pati ang Dakilang Pari.

23Makikipagkasundo siya sa maraming mga bansa, ngunit dadayain niya ang mga ito. Bagama't kakaunti ang kanyang mga tauhan, siya ay magiging makapangyarihan.

24Lihim niyang kukunin ang pinakamayayamang bahagi ng lalawigan. Gagawin niya ang mga bagay na hindi ginawa ng kanyang mga ninuno. Ang kanyang mga tagasunod ay bibigyan niya ng bahagi mula sa mga nasamsam nila sa digmaan. Iisip siya ng mga panukala upang lusubin ang iba't ibang kuta, ngunit hindi siya magtatagal.

25“Ang haring ito ay magtatatag ng isang malaking hukbo upang ipakita ang kanyang lakas at tapang laban sa hari ng Egipto, ngunit mas malaki at mas malakas ang hukbong ihaharap nito sa kanya. Gayunman, madadaya ang hari ng Egipto at siya ay hindi magtatagumpay.

26Pagtatangkaan siyang patayin maging ng mga kasalo niya sa pagkain. Malulupig din ang kanyang hukbo at marami ang mamamatay sa labanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Ang dalawang hari na kapwa may masamang balak ay magkasalong kakain at magsasalita ng kasinungalingan sa isa't isa. Gayunman, walang mangyayari sa iniisip nila sapagkat hindi pa dumarating ang takdang panahon.

28Ang hari ng Siria ay uuwing taglay ang malaking kayamanang nasamsam niya. Ngunit bago siya umuwi sa sariling kuta, uusigin muna niya ang relihiyon ng bayan ng Diyos.

29“Pagdating ng takdang araw, sasalakayin niyang muli ang Egipto, ngunit sa pagkakataong iyon, ang mangyayari'y hindi tulad noong una.

30Hahadlangan siya ng hukbong-dagat ng Kitim at matatakot siya. Dahil dito, aatras siya at ibubuhos sa relihiyon ng bayan ng Diyos ang kanyang poot. Sa pagbabalik niyang ito, pahahalagahan niya ang payo ng mga tumalikod sa presensya ng Diyos.

31Magpapadala siya ng mga hukbong sandatahan upang lapastanganin ang Templo. Ipapatigil niya ang araw-araw na paghahandog at ipapalit ang kasuklam-suklam na kalapastanganan.

32Aakitin niya sa pamamagitan ng panlilinlang ang mga Judiong tumalikod sa kasunduan, ngunit maninindigan ang mga nananatiling tapat sa kanilang Diyos.

33Tuturuan ng marurunong sa lupain ang mga tao kahit na sa simula ay mamamatay ang iba sa kanila sa pamamagitan ng espada at apoy o mabihag at pagnakawan.

34Sa kanilang pagkatalo, may ilan lamang na tutulong sa kanila bagama't marami ang magkukunwaring kasama nila.

35Ilan sa marurunong ang nagbubuwis ng buhay upang ang mga nalabi sa kanila ay maging dalisay at malinis hanggang sa dumating ang takdang wakas.

36“Gagawin ng hari ang kanyang magustuhan. Itataas niya ang kanyang sarili at gagawing higit kaysa alinmang diyos; hahamakin niya maging ang Kataas-taasang Diyos. Magtatagumpay lamang siya habang hindi pa ibinubuhos ng Diyos ang kanyang poot, sapagkat kailangang maganap ang mga bagay na itinakda.

37Hindi niya pahahalagahan ang mga diyos ng kanyang mga ninuno ni ang sinasamba ng mga kababaihan. Sa katunayan, wala siyang pahahalagahang diyos, sapagkat ipalalagay niyang higit siya sa lahat.

38Wala siyang kikilalaning diyos kundi ang diyos na nagbabantay ng mga muog. Mag-aalay siya ng ginto, pilak, mamahaling bato at mamahaling regalo sa diyos na hindi kilala ng kanyang mga ninuno.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

39Gagamitin niya ang mga taong sumasamba sa mga diyus-diyosang hindi kilala upang ipagtanggol ang kanyang mga muog. Pagkakalooban niya ng malaking karangalan ang lahat ng tatanggap sa kanya bilang pinuno. Sila'y gagawin niyang tagapamahala at bibigyan ng lupain bilang gantimpala.

40“Darating ang araw na ang hari ng Siria ay sasalakayin ng hari ng Egipto, ngunit haharapin niya ito sa pamamagitan ng maraming karwaheng pandigma, kabayuhan at mga sasakyang pandagat. Sasakupin niya ang mga bansa na parang dinaanan ng isang malaking baha.

41Papasukin din niya ang lupang pangako at libu-libo ang mamamatay sa labanan. Ngunit makakaligtas ang mga Edomita, Moabita at ang mga nalabing Ammonita.

42Maraming bansa ang masasakop niya, kabilang dito ang Egipto.

43Pamamahalaan niya ang ginto, pilak at lahat ng kayamanan ng Egipto; pati ang Libya at ang Etiopia ay masasakop niya.

44Ngunit mabibigla siya dahil sa balitang darating mula sa silangan at hilaga. Dahil dito'y mag-aalab ang kanyang galit at papatay ng marami sa labanan.

45Magtatayo siya ng mala-palasyong tolda sa pagitan ng dagat at ng banal na bundok na kinalalagyan ng Templo. Ngunit doon siya mamamatay ng wala man lang tutulong sa kanya.

## Daniel 12

### Pahayag tungkol sa Huling Panahon

1“Sa panahong iyon, darating ang dakilang anghel na si Miguel, ang makapangyarihang pinuno at tagapagtanggol ng bansang Israel, at magkakaroon ng matinding kahirapang hindi pa nangyayari kailanman. Ngunit maliligtas ang mga kababayan mong ang pangalan ay nakasulat sa aklat ng Diyos.

2Muling mabubuhay ang maraming mga namatay sa lahat ng panig ng daigdig; ang iba'y sa buhay na walang hanggan, at ang iba nama'y sa kaparusahang walang hanggan.

3Ang marurunong na pinuno ay magniningning na gaya ng liwanag sa langit at ang mga umaakay sa marami sa pagiging matuwid ay sisikat na parang bituin magpakailanman.

4Daniel, ingatan mo muna ang mga pahayag na ito at isara ang aklat upang hindi ito mabuksan hanggang sa katapusan ng sanlibutan. Marami ang magsasaliksik at magsisikap na maunawaan ang maraming bagay.”

5Akong si Daniel ay tumingin at may nakita akong dalawang tao, isa sa magkabilang pampang ng ilog.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Tinanong ng isa ang anghel na nakatayo sa gawing dulo, “Gaano pa katagal bago maganap ang mga pangitaing ito?”

7Itinaas ng anghel ang dalawang kamay at narinig kong sinabi niya, “Sa pangalan ng Diyos na nabubuhay magpakailanman, magaganap ang lahat ng ito sa loob ng tatlong taon at kalahati, kapag natapos na ang paghihirap ng bayan ng Diyos.”

8Hindi ko naunawaan ang kanyang sagot, kaya't ako'y nagtanong, “Ginoo, ano po ba ang kahihinatnan ng lahat ng ito?”

9Sinabi niya sa akin, “Makakaalis ka na, Daniel. Ang kahulugan nito'y mananatiling lihim hanggang dumating ang wakas.

10Marami ang dadalisayin at mapapatunayang may malinis na kalooban. Ngunit magpapakasama pa ang masasama, at wala isa man sa kanila ang makakaunawa sa mga bagay na mauunawaan ng marurunong.

11Lilipas ang 1,290 araw mula sa panahon na papatigilin ang araw-araw na paghahandog at ilalagay ang kasuklam-suklam.

12Mapapalad ang mananatiling tapat hanggang sa matapos ang 1,335 araw.

13Daniel, maging tapat ka nawa hanggang sa wakas. Mamamatay ka ngunit muling bubuhayin sa huling araw upang tanggapin ang iyong gantimpala.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Hosea

## Hosea 1

1Ang aklat na ito ay naglalaman ng mga pahayag ni Yahweh kay Hosea, na anak ni Beeri. Si Yahweh ay nagpahayag sa kanya noong panahon ng paghahari sa Juda nina Uzias, Jotam, Ahaz, at Hezekias. Si Jeroboam na anak ni Jehoas ang hari noon ng Israel.

### Ang Asawa at mga Anak ni Hosea

2Nang unang mangusap si Yahweh sa Israel sa pamamagitan ni Hosea, sinabi niya, “Mag-asawa ka ng isang babaing nakikipagtalik sa iba-ibang mga lalaki. Magkaroon ka ng mga anak sa kanya. Sapagkat katulad din ng babaing iyan, ang mga tao sa lupaing ito ay nagtaksil sa akin.”

3Napangasawa nga ni Hosea si Gomer na anak ni Diblaim. Di nagtagal, ang babae ay naglihi at nanganak ng isang lalaki.

4Sinabi ni Yahweh kay Hosea, “Jezreel ang ipapangalan mo sa bata sapagkat paparusahan ko ang sambahayan ni Jehu dahil sa maramihang pagpaslang sa Jezreel at wawakasan ko ang kaharian ng Israel.

5Sa araw na iyon, wawasakin ko sa libis ng Jezreel ang lakas ng hukbong Israel.”

6Naglihing muli si Gomer at isang babae naman ang kanyang naging anak. Sabi ni Yahweh kay Hosea, “Tawagin mo siyang Lo-ruhama sapagkat hindi ko na kahahabagan ni patatawarin man ang Israel.

7Ngunit kahahabagan ko ang sambahayan ni Juda. Ililigtas ko sila, subalit hindi sa pamamagitan ng pana, tabak, digmaan, mga kabayo, ni ng mga mangangabayo man, kundi sa pamamagitan ng sarili kong kapangyarihan.”

8Nang si Lo-ruhama ay mahiwalay na sa pagpapasuso ng ina, naglihi muli si Gomer at nagsilang ng isang lalaki.

9At sinabi ni Yahweh, “Tawagin mo siyang Lo-ammi, sapagkat ang Israel ay hindi ko na ituturing na aking bayan at hindi na ako ang kanilang Diyos.”

### Ang Israel ay Panunumbalikin

10Gayunma'y magiging kasindami ng buhangin sa dagat ang bilang ng mga taga-Israel, hindi mabibilang dahil sa sobrang dami. Ngayo'y sinabi sa kanila, “Kayo'y hindi ko bayan,” ngunit darating ang panahon na sasabihin sa kanila, “Kayo ang mga anak ng Diyos na buháy.”

11Muling magkakasama ang mga taga-Juda at mga taga-Israel; itatalaga nila ang isang pinuno, at muli silang uunlad at magiging sagana sa kanilang lupain. Ang araw na iyon ay magiging isang dakilang araw sa Jezreel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Hosea 2

1Kaya't tatawagin ninyo ang inyong mga kapwa Israelita na “Ammi” at
“Ruhama”.

### Ang Taksil na si Gomer—ang Taksil na Israel

2Pakiusapan mo ang iyong ina, pakiusapan mo siya, sapagkat hindi ko na
siya itinuturing na asawa, at wala na akong kaugnayan sa kanya. Pakiusapan
mo siyang itigil ang pangangalunya, at tigilan na ang kanyang kataksilan.

3Kung hindi'y huhubaran ko siya tulad ng isang sanggol na bagong silang;
gagawin ko siyang tulad ng disyerto, tulad ng isang tigang na lupa, at
hahayaan ko siyang mamatay sa uhaw.

4Hindi ko kakahabagan ang kanyang mga anak, sapagkat sila ay mga anak
sa pagkakasala.

5Ang kanilang ina ay naging taksil na asawa; at siyang sa kanila'y naglihi ay
naging kahiya-hiya. Sinabi pa nga niya, “Susundan ko ang aking mga
mangingibig, na nagbibigay ng aking pagkain at inumin, ng aking damit at
balabal, langis at alak.”

6Dahil dito, haharangan ko ng mga tinik ang kanyang mga landas; paliligiran
ko siya ng pader, upang hindi niya matagpuan ang kanyang mga landas.

7Hahabulin niya ang kanyang mga mangingibig, ngunit sila'y hindi niya
maaabutan. Sila'y kanyang hahanapin, ngunit hindi niya matatagpuan. Kung
magkagayon, sasabihin niya, “Babalik ako sa aking unang asawa, sapagkat
higit na mabuti ang buhay ko sa piling niya noon kaysa kalagayan ko ngayon.”

8Hindi niya kinilalang ako ang nagbigay sa kanya ng pagkaing butil, ng alak
at ng langis. Sa akin nanggaling ang pilak at ginto na ginagamit niya sa
pagsamba kay Baal.

9Kaya't babawiin ko ang pagkaing butil na aking ibinigay maging ang bagong
alak sa kapanahunan nito. Babawiin ko rin ang mga damit at balabal, na
itinakip ko sa kanyang kahubaran.

10Ngayo'y ilalantad ko ang kanyang kahubaran sa harapan ng kanyang mga
mangingibig, walang makakapagligtas sa kanya mula sa aking mga kamay.

11Wawakasan ko na ang lahat ng kanyang pagdiriwang, ang mga kasayahan
at mga araw ng pangilin, gayundin ang lahat ng itinakda niyang kapistahan.

12Sasalantain ko ang kanyang mga ubasan at mga punong igos, na sinasabi
niyang upa sa kanya ng kanyang mga mangingibig. Lahat ng iyan ay kakainin
ng mga hayop, at masukal na gubat ang kauuwian.

13Paparusahan ko siya dahil sa mga kapistahan, na kanyang ipinagdiwang
sa karangalan ni Baal; nagsunog siya ng insenso sa mga diyus-diyosan,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

nagsuot din siya ng mga singsing at alahas, pagkatapos ay humabol sa kanyang mga mangingibig, at ako'y kanyang nilimot, sabi ni Yahweh.

**Ang Pag-ibig ni Yahweh sa Kanyang Bayan**

14“Ngunit masdan mo, siya'y muli kong susuyuin, dadalhin ko sa ilang, kakausapin nang buong giliw.

15Doon ay ibabalik ko sa kanya ang kanyang mga ubasan, at gagawin kong pinto ng pag-asa ang Libis ng Kaguluhan. Tutugon naman siya tulad noong panahon ng kanyang kabataan, nang siya'y ilabas ko sa lupain ng Egipto.”

16“At sa araw na iyon,” sabi ni Yahweh, “Ang itatawag mo sa akin ay ‘Aking Asawa,’ at hindi mo na ako tatawaging ‘Aking Baal.’

17Sapagkat ipalilimot ko na sa iyo ang mga pangalan ng mga Baal, at hindi na muling ipababanggit ang mga ito.

18Sa araw na iyon, alang-alang sa iyo, makikipagkasundo ako sa mga hayop sa parang, sa mga ibon sa kalawakan, sa mga nilikhang sa lupa'y gumagapang. Aalisin ko sa lupain ang pana, ang espada at ang digmaan. Upang kayo'y makapagpahingang matiwasay.

19Ikaw ay magiging aking asawa magpakailanman, Israel; mabubuklod tayo sa katuwiran at katarungan, sa wagas na pag-ibig at sa pagmamalasakit sa isa't isa.

20Ikaw ay magiging tapat kong asawa, at kikilalanin mong ako nga si Yahweh.”

21“Sa araw na iyon,” sabi ni Yahweh, “Tutugunin ko ang panalangin ng aking bayan, magkakaroon ng ulan upang ibuhos sa lupa.

22Sa gayon, sasagana sa lupain ang pagkaing butil, ang alak at ang langis. Ito naman ang katugunan sa pangangailangan ng Jezreel.

23Sa panahon ding iyon ay ibabalik ko ang mga Israelita sa kanilang lupain. Kahahabagan ko si Lo-ruhama, at sasabihin ko kay Lo-ammi, ‘Ikaw ang aking Bayan’, at tutugon naman siya, ‘Ikaw ang aking Diyos.’”

## Hosea 3

**Si Hosea at ang Babaing Mangangalunya**

1Sinabi sa akin ni Yahweh, “Umalis kang muli, at ipakita mo ang iyong pag-ibig sa iyong asawa bagaman siya'y nangangalunya. Sapagkat mahal pa rin ni Yahweh ang Israel kahit na sumamba sila sa ibang mga diyos at laging naghahandog sa mga ito ng tinapay na may pasas.”

2Kaya't binili ko siya sa halagang labinlimang pirasong pilak at 150 kilong sebada.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3At sinabi ko sa kanya, “Manatili kang tapat sa akin. Huwag ka nang mangalunya o makipagtalik pa sa ibang lalaki. Ako ay magiging tapat sa iyo.”

4Sapagkat ang mga taga-Israel ay mamumuhay na walang hari at walang pinuno sa loob ng mahabang panahon. Mawawalan din sila ng mga handog, Ashera, efod, at larawan ng mga diyus-diyosan.

5Pagkatapos, magbabalik-loob sila kay Yahweh na kanilang Diyos at kay David na kanilang hari. Sa mga huling araw, nanginginig silang lalapit kay Yahweh at malalasap nila ang kanyang kabutihan.

## Hosea 4

### Ang Paratang ni Yahweh Laban sa Israel

1Dinggin ninyo, mga taga-Israel, ang pahayag ni Yahweh, sapagkat may bintang siya laban sa inyo. “Sa lupaing ito ay walang katapatan, walang pagmamahalan at walang pagkilala sa Diyos.

2Sa halip ay laganap ang pagtutungayaw at pagsisinungaling, pagpatay, pagnanakaw at pangangalunya. Nilalabag nila ang lahat ng batas at sunud-sunod ang mga pamamaslang.

3Kaya't nagdadalamhati ang lupain, nalulumbay ang lahat ng naninirahan dito. Halos malipol ang mga hayop sa parang, ang mga ibon sa papawirin, at ang mga isda sa dagat.

### Ang Paratang ni Yahweh Laban sa mga Pari

4“Gayunma'y huwag magbintang ang sinuman, at huwag usigin ang iba, sapagkat ang hinanakit ko'y laban sa inyo, mga pari.

5Araw at gabi'y lagi kayong nabibigo, at ang propeta'y kasama ninyong bigo. Kaya't lilipulin ko ang Israel na inyong ina.

6Nalipol ang aking bayan dahil sa kamangmangan; sapagkat itinakwil ninyo ang karunungan, itinatakwil ko rin kayo bilang pari. At dahil kinalimutan ninyo ang kautusan ng inyong Diyos, kalilimutan ko rin ang inyong mga anak.

7“Habang dumarami ang mga pari, lalo naman silang nagkakasala sa akin; kaya gagawin kong kahihiyan ang kanilang kadakilaan.

8Yumayaman sila dahil sa kasalanan ng mga tao; nabubusog sila sa kasamaan ng aking bayan.

9At gayon nga ang nangyayari, kung ano ang pari, gayundin ang bayan. Kaya't paparusahan ko sila at pagbabayarin, dahil sa kanilang kasamaan.

10Sila'y kakain, ngunit hindi mabubusog; makikipagtalik sila sa mga babae sa templo, ngunit hindi sila magkakaanak; sapagkat itinakwil nila si Yahweh at sila'y bumaling sa ibang mga diyos.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

### Isinumpa ni Yahweh ang Pagsamba sa mga Diyus-diyosan

11“Ang alak, luma man o bago, ay nakakasira ng pang-unawa.

12Sumasangguni ang aking bayan sa diyus-diyosang kahoy; itinatanong nila sa haliging kahoy kung ano ang dapat gawin. Sinasagot sila sa pamamagitan ng tungkod. Sila'y iniligaw ng masamang pamumuhay, at ipinagpalit nila sa kahalayan ang kanilang Diyos.

13Nag-aalay sila ng mga handog na susunugin sa mga sagradong bundok, at nagsusunog ng mga handog sa ibabaw ng mga burol, sumasamba sila sa ilalim ng mga ensina, alamo at roble, sapagkat mayabong ang mga ito at malawak ang lilim. Kaya't nakikipagtalik kahit kanino ang iyong mga anak na dalaga, at nangangalunya naman ang mga manugang mong babae.

14Gayunman, hindi ko paparusahan ang iyong mga anak na dalaga kahit sila'y magpakasama. Gayundin ang iyong mga manugang kahit na sila'y mangalunya; sapagkat ang mga lalaki ay nakikipagtalik din sa mga babae sa templo, at kasama nilang naghahandog sa mga diyus-diyosan. Ganyan winawasak ng mga taong hangal ang kanilang sarili.

15“Bagaman ikaw ay nangalunya, O Israel, hindi naman kailangang papanagutin din ang Juda. Huwag kang pumasok sa Gilgal, ni umakyat sa Beth-aven; at huwag kang sumumpa ng, ‘Saksi si Yahweh, ang Diyos na buháy.’

16Matigas ang ulo ng Israel, tulad ng dumalagang baka. Kaya't pakakainin pa ba sila ni Yahweh tulad ng mga tupang dinadala niya sa maluwang na pastulan?

17Nakiisa sa mga diyus-diyosan ang Efraim; pabayaan mo na siya.

18Bagaman ubos na ang kanilang alak, patuloy pa rin sila sa pangangalunya; higit nilang nais ang kahihiyan kaysa karangalan.

19Tatangayin sila ng malakas na hangin, at mapapahiya sila nang labis dahil sa kanilang handog sa mga diyus-diyosan.

## Hosea 5

1“Pakinggan ninyo ito, mga pari! Dinggin ninyo ito, sambahayan ni Israel! Makinig kayo, sambahayan ng hari! Sapagkat kayo ang tinutukoy sa kahatulan. Kayo'y naging bitag sa Mizpa, at lambat na nakalatag sa Bundok Tabor.

2Kayo'y naghimagsik at nagpakagumon sa kasalanan, kaya't paparusahan ko kayong lahat.

3Kilala ko si Efraim; walang lihim sa akin ang Israel; sapagkat ikaw ngayon Efraim ay naging babaing masama, at ang Israel naman ay naging marumi.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Babala Laban sa Pagsamba sa mga Diyus-diyosan

4Dahil sa kanilang mga ginawa, hindi na sila makapanumbalik sa Diyos. Sapagkat nasa kanila ang espiritu ng kasamaan, at hindi nila nakikilala si Yahweh.

5Ang kapalaluan ng Israel ay sumasaksi laban sa kanya. Matitisod ang Efraim sa kanyang kasalanan; at kasama niyang matitisod ang Juda.

6Dadalhin nila ang kanilang mga kawan ng tupa at baka upang hanapin si Yahweh, subalit siya'y hindi nila matatagpuan; lumayo na siya sa kanila.

7Naging taksil sila kay Yahweh; kaya't nagkaanak sila sa labas. Masisira ang kanilang mga pananim at sila'y malilipol pagdating ng bagong buwan.

### Digmaan ng Juda at ng Israel

8“Hipan ang tambuli sa Gibea! Hipan ang trumpeta sa Rama! Ibigay ang hudyat sa Beth-aven! Nasa likuran mo na sila, Benjamin!

9Mawawasak ang Efraim sa araw ng pag-uusig. Ang ipinapahayag kong ito'y tiyak na mangyayari.

10“Nangangamkam ng lupa ang mga pinuno ng Juda; binago nila ang palatandaan ng pagbabahagi sa kanilang lupain. Kaya parang bahang ibubuhos ko sa kanila ang aking poot.

11Ang Efraim ay inaapi at tadtad sa kahatulan, sapagkat patuloy siyang umaasa sa mga diyus-diyosan.

12Ako'y parang kalawang sa Efraim, at bukbok sa sambahayan ni Juda.

13“Nang makita ni Efraim ang maselan niyang karamdaman, at ni Juda ang kanyang mga sugat, si Efraim ay nagpasugo sa hari ng Asiria. Subalit hindi na siya kayang pagalingin, hindi na mabibigyang-lunas ang kanyang mga sugat.

14Sapagkat parang leon akong sasalakay sa Efraim, parang isang mabangis na batang leon na gugutay sa Juda. Lalapain ko ang Juda saka iiwan, at walang makakapagligtas sa kanila.

15“Pagkatapos ay babalik ako sa aking tahanan hanggang sa harapin nila ang kanilang pananagutan, at sa kanilang paghihirap ako ay hanapin.”

## Hosea 6

### Hindi Taos ang Pagsisisi ng Israel

1“Halikayo, tayo'y manumbalik kay Yahweh; sapagkat ang nanakit ay siya ring magpapagaling. Siya ang nanugat, kaya't siya rin ang gagamot.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Sa loob ng dalawang araw ay mapapalakas niya tayo; sa ikatlong araw, tayo'y kanyang ibabangon, upang tayo'y mabuhay sa kanyang harapan.

3Halikayo't kilalanin natin si Yahweh, sikapin nating siya'y makilala. Kasintiyak ng pagdating ng bukang-liwayway, darating siyang walang pagsala, tulad ng patak ng ulan sa panahon ng taglamig, tulad ng tubig-ulan na nagpapasibol sa mga halaman."

**Ang Tugon ni Yahweh**

4"Ano ang gagawin ko sa iyo, Efraim? Ano ang gagawin ko sa iyo, Juda? Ang pag-ibig ninyo sa akin ay tulad ng ulap sa umaga, gaya ng hamog na dagling napapawi.

5Kaya nga, pinarusahan ko kayo sa pamamagitan ng mga propeta, at pinagpapapatay sa pamamagitan ng aking mga salita; simbilis ng kidlat ang katuparan ng aking hatol.

6Sapagkat wagas na pag-ibig ang nais ko at hindi handog, pagkilala sa Diyos sa halip na handog na sinusunog.

7"Ngunit tulad ni Adan ay sumira kayo sa ating kasunduan, nagtaksil kayo sa aking pag-ibig.

8Ang Gilead ay lunsod ng mga makasalanan, tigmak sa dugo ang mga lansangan nito.

9Nagkakaisa ang mga pari, parang mga tulisang nag-aabang sa bibiktimahin. Pumapatay sila sa daang patungo sa Shekem; mabigat na kasalanan ang ginagawa nila.

10Kahindik-hindik ang nakita ko sa sambahayan ni Israel. Ang Efraim ay nalulong na sa kalaswaan; ang Israel naman ay nahandusay sa putikan.

11"Nakatakda na rin ang parusa sa iyo, Juda, sa sandaling ibalik ko ang kasaganaan ng aking bayan.

## Hosea 7

1Nais ko sanang pagalingin ang Israel, ngunit nakikita ko naman ang kabulukan ng Efraim, at ang masasamang gawa ng Samaria. Sila'y manlilinlang, magnanakaw at tulisan.

2Hindi nila naiisip na hindi ko nakakalimutan ang lahat ng kanilang masasamang gawain. Sila'y lipos ng kasamaan, at nakikita ko ang lahat ng ito."

**Sabwatan sa Palasyo**

3"Napapaniwala nila ang hari sa kanilang kasamaan, at maging ang mga pinuno ay kanilang nalinlang.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Lahat sila'y mangangalunya; para silang nag-aapoy na pugon na pinababayaan ng panadero, mula sa panahon ng pagmamasa hanggang sa panahon ng pag-alsa.

5Nang dumating ang araw ng ating hari, nalasing sa alak ang mga pinuno, at pati ang hari'y nakipag-inuman sa mga manlilibak.

6Nag-aalab na parang pugon ang kanilang mga puso; pawang kasamaan ang kanilang binabalak. Magdamag na nag-aalimpuyo ang kanilang galit, at kinaumagaha'y nagliliyab na parang apoy.

7Lahat sila'y parang pugon na nag-iinit sa galit, pinatay nila ang kanilang mga pinuno. Bumagsak ang lahat ng mga hari nila; at wala ni isa mang nakaisip na sa aki'y tumawag."

**Ang Israel at ang mga Bansa**

8"Nakikisama ang Efraim sa mga sumasamba sa mga diyus-diyosan; ang katulad nila'y tinapay na hindi lubusang luto.

9Inuubos ng mga dayuhan ang lakas ni Efraim, ngunit hindi niya ito namamalayan. Pumuputi ang kanyang buhok, at hindi niya ito napapansin.

10Ang kapalaluan ng Israel ang magpapahamak sa kanila. Gayunman, ayaw nilang manumbalik kay Yahweh na kanilang Diyos, ayaw nilang hanapin ang kanilang Diyos.

11Ang Efraim ay katulad ng isang kalapati, mangmang at walang pang-unawa; tumatawag sa Egipto, at sumasangguni sa Asiria.

12Sa kanilang pag-alis, lambat ko sa kanila'y ihahagis, huhulihin ko sila na parang mga ibon sa papawirin. Paparusahan ko sila dahil sa masasama nilang gawain.

13"Mapapahamak sila dahil sa paglayo sa akin! Lilipulin sila sapagkat naghimagsik sila laban sa akin! Tutubusin ko sana sila, ngunit nagsasalita sila ng kasinungalingan laban sa akin.

14Tumatangis sila sa kanilang mga higaan, ngunit hindi taos puso ang kanilang pagtawag sa akin. Sinasaktan nila ang sarili dahil sa pagkain at sa alak, pagkatapos ay naghihimagsik sila laban sa akin.

15Bagama't sinanay ko sila at pinalakas, nagbalak pa sila ng masama laban sa akin.

16Humihingi sila ng tulong kay Baal; ang katulad nila'y taksil na mandirigma. Masasawi sa espada ang mga pinuno nila dahil sa kanilang palalong dila. Ito ang dahilan ng panlilibak sa kanila sa lupain ng Egipto."

## Hosea 8

**Hinatulan ni Yahweh ang Israel**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Sinabi ni Yahweh, "Hipan mo ang trumpeta! Dumarating ang isang agila sa bayan ng Diyos, sapagkat sumira sa tipan ang aking bayan, at nilabag nila ang aking kautusan.

2Tumangis ngayon ang Israel sa akin, 'Tulungan mo kami, sapagkat ikaw ang aming Diyos.'

3Ngunit tinalikuran na ng Israel ang kabutihan; kaya't hahabulin sila ng kanilang kaaway.

4"Pumili sila ng mga hari nang wala akong pahintulot; naglagay sila ng mga pinuno, ngunit hindi naman ayon sa aking kagustuhan. Ginawa nilang diyus-diyosan ang kanilang pilak at ginto na nagdala sa kanila sa kapahamakan.

5Kinasusuklaman ko ang guyang sinasamba ng mga taga-Samaria. Napopoot ako sa kanila. Hanggang kailan pa sila mananatili sa karumihan?

6Ang diyus-diyosang iyan ay mula sa Israel! Ang guyang iyan ay ginawa ng tao, at iya'y hindi Diyos. Ang guya ng Samaria ay magkakadurug-durog.

7"Naghahasik sila ng hangin, at ipu-ipo ang kanilang aanihin. Ang mga nakatayong trigo'y walang uhay, kaya't walang makukuhang harina. At kung magbunga man iyon, kakainin lamang ng mga dayuhan.

8Nilalamon na ang Israel; naroon na sila sa gitna ng mga bansa bilang kasangkapang walang kabuluhan.

9Sapagkat naparoon sila sa Asiria, gaya ng asnong naggagalang mag-isa. Ang Efraim nama'y umupa ng mga mangingibig.

10Bagama't humingi sila ng tulong sa ibang mga bansa, ngayo'y titipunin ko silang lahat. Hindi magtatagal at sila'y daraing dahil sa pahirap ng hari at ng mga pinuno.

11"Ang mga altar na ginawa sa Efraim, ang siya ring nagparami ng inyong mga sala.

12Sumulat man ako ng sampung libong kautusan, ito'y pagtatawanan lang nila at tatanggihan.

13Nag-aalay sila ng handog sa akin; at ang karneng handog, kanila mang kainin, hindi pa rin ito kalugud-lugod sa akin. Gugunitain niya ngayon ang kanilang kalikuan, at paparusahan sila dahil sa kanilang mga kasalanan; sila'y magbabalik sa lupain ng Egipto.

14Kinalimutan ng Israel ang lumikha sa kanya, at nagtayo siya ng mga palasyo. Ang Juda nama'y nagparami ng mga lunsod na may pader, subalit lalamunin ng apoy ang kanilang mga lunsod at mga palasyo."

## Hosea 9

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang Parusa sa Patuloy na Pagtataksil ng Israel

1Huwag kang magalak, Israel! Huwag kang magdiwang tulad ng ibang mga bansa, sapagkat naging tulad ka ng mahalay na babae. Tinalikuran mo ang iyong Diyos at nakipagtalik sa iba-ibang lalaki. Ikinatuwa mong ika'y isang babaing bayaran, kahit saang lugar ika'y sinisipingan.

2Ngunit ang ginagawa nila sa giikan at sa pisaan ng alak ay hindi nila ikabubuhay, at ang bagong alak ay hindi nila matitikman.

3Hindi sila mananatili sa lupain ni Yahweh; subalit ang Efraim ay magbabalik sa Egipto, at kakain sila sa Asiria ng mga pagkaing nagpaparumi at ipinagbabawal.

4Hindi na sila papayagang maghandog ng alak kay Yahweh, at hindi naman siya malulugod sa kanilang mga handog. Ang pagkain nila'y matutulad sa pagkain ng namatayan; magiging marumi ang lahat ng kakain nito. Sapagkat ang pagkain nila'y para lamang sa kanilang katawan; hindi iyon maihahandog sa Templo ni Yahweh.

5Ano ang gagawin mo sa araw ng itinakdang kapistahan, at sa araw ng kapistahan ng pagdiriwang para kay Yahweh?

6Makatakas man sila sa pagkawasak, titipunin rin sila ng Egipto, at ililibing sa Memfis. Matatakpan ng damo ang kanilang mga kagamitang pilak; at tutubuan ng dawag ang mga tahanan nilang wasak.

7Dumating na ang mga araw ng pagpaparusa, sumapit na ang araw ng paghihiganti; ito'y malalaman ng Israel. Ang sabi ninyo, “Mangmang ang isang propeta, at ang lingkod ng Diyos ay baliw!” Totoo iyan sapagkat labis na ang inyong kasamaan, at matindi ang inyong poot.

8Ang propeta'y siyang bantay sa Efraim, ang bayan ng aking Diyos, ngunit may bitag na laging sa kanya'y nakaumang, at kinapopootan siya maging sa templo ng kanyang Diyos.

9Nagpakasamang lubha ang aking bayan gaya ng nangyari sa Gibea. Gugunitain ng Diyos ang kanilang kalikuan, at paparusahan ang kanilang mga kasalanan.

### Ang Kasalanan ng Israel at ang mga Resulta Nito

10“Ang Israel ay tulad ng mga ubas sa ilang, gayon sila noong una kong matagpuan. Parang unang bunga ng puno ng igos, nang makita ko ang iyong mga magulang. Ngunit nang magpunta sila sa Baal-peor, sila'y naglingkod sa diyus-diyosang si Baal, at naging kasuklam-suklam gaya ng diyus-diyosang kanilang inibig.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

11Ang kaningningan ng Efraim ay maglalaho, para itong ibong lumipad na palayo. Wala nang isisilang, walang magdadalang-tao, at wala na ring maglilihi.

12At kahit pa sila magkaroon ng mga anak, kukunin ko ang mga ito hanggang sa walang matira. Kahabag-habag sila kapag ako'y lumayo na sa kanila!

13Gaya ng aking nakita, ang mga anak ni Efraim ay nakatakdang mapahamak. Mapipilitan ang kanilang ama na dalhin sila sa patayan."

14O Yahweh, bigyan mo po sila ng mga sinapupunang baog at ng mga susong walang gatas.

### Hinatulan ni Yahweh ang Efraim

15"Lahat ng kanilang kasamaan ay nagpasimula sa Gilgal; doon pa ma'y kinapootan ko na sila. Dahil sa kasamaan ng kanilang gawain sila'y palalayasin ko sa aking tahanan. Hindi ko na sila mamahalin pa; mapaghimagsik ang lahat ng kanilang mga pinuno.

16Mapapahamak ang Efraim, tuyo na ang kanyang mga ugat; hindi na sila mamumunga. At kung magbunga ma'y papatayin ko ang pinakamamahal nilang mga supling."

### Nagsalita ang Propeta tungkol sa Israel

17Itatakwil sila ng aking Diyos sapagkat hindi sila nakinig sa kanya; sila'y magiging palaboy sa maraming mga bansa.

## Hosea 10

1Ang Israel ay tulad ng punong ubas na mayabong at hitik sa bunga ang mga sanga. Habang dumarami ang kanyang bunga, dumarami rin naman ang itinatayo niyang altar. Habang umuunlad ang kanyang lupain, lalo niyang pinapaganda ang mga haliging sinasamba.

2Marumi ang kanilang puso at ngayo'y dapat silang magdusa. Wawasakin ni Yahweh ang kanilang mga altar, at sisirain ang mga haliging sinasamba.

3Ngayon nama'y sasabihin nila, "Wala kaming hari, sapagkat hindi kami sumasamba kay Yahweh. Ngunit ano nga ba naman ang magagawa ng isang hari para sa amin?"

4Puro siya salita ngunit walang gawa; puro pangako ngunit laging napapako; ang katarungan ay pinalitan ng kawalang-katarungan, at ito'y naging damong lason na sumisibol sa buong lupain.

5Matatakot at mananaghoy ang mga taga-Samaria dahil sa pagkawala ng mga guya sa Beth-aven. Ipagluluksa ito ng sambayanan; mananangis pati mga paring sumasamba sa diyus-diyosan, dahil sa naglaho nitong kaningningan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Ang diyus-diyosang ito'y dadalhin sa Asiria bilang kaloob sa dakilang hari. Mapapahiya ang Efraim, at ikakahiya ng Israel ang mga itinuring nilang diyos.

7Ang hari ng Samaria ay mapapahamak tulad ng sanga na tinatangay ng tubig.

8Wawasakin ang mga altar sa burol ng Aven, na naging dahilan ng pagkakasala ng Israel. Tutubo ang mga tinik at dawag sa mga altar, at sasabihin nila sa kabundukan, “Itago ninyo kami,” at sa kaburulan, “Tabunan ninyo kami.”

**Hinatulan ni Yahweh ang Israel**

9Sinabi ni Yahweh, “Ang Israel ay patuloy sa pagkakasala; mula pa noong sila'y nasa Gibea. Dahil dito'y aabutan siya ng digmaan sa Gibea.

10Sasalakayin ko ang bayan, at magsasanib ang mga bansa laban sa inyo. Kayo'y pinarusahan ko dahil sa patung-patong na kasalanan.

11“Ang Efraim ay parang dumalagang baka na sanay at mahilig sa gawang paggiik, ngunit ngayo'y isisingkaw ko na siya; ang Juda ang dapat humila ng araro; at ang Israel naman ang hihila ng suyod.

12Maghasik kayo ng katuwiran, at mag-aani kayo ng tapat na pag-ibig. Bungkalin ninyong muli ang napabayaang lupa, sapagkat panahon na upang hanapin natin si Yahweh. Lalapit siya sa inyo at pauulanan kayo ng pagpapala.

13Ngunit naghasik kayo ng kalikuan, at kawalang-katarungan ang inyong inani, kumain din kayo ng bunga ng kasinungalingan. “Dahil sa pagtitiwala ninyo sa inyong mga kapangyarihan, at sa lakas ng marami ninyong mandirigma,

14masasangkot sa digmaan ang inyong bayan, at mawawasak lahat ng inyong mga kuta, gaya ng ginawa ni Salman sa Beth-arbel nang salakayin niya ito at patayin ang mga ina at mga bata.

15Ganito ang gagawin sa sambahayan ng Israel, sapagkat malaki ang inyong kasalanan. Sa pagsapit ng bukang-liwayway, ang hari ng Israel ay ganap na mamamatay.”

## Hosea 11

**Ang Pag-ibig ng Diyos sa Rebelde Niyang Bayan**

1“Nang bata pa ang Israel, siya'y aking minahal, at tinawag ko ang aking anak mula sa Egipto.

2Ngunit habang siya'y tinatawag ko, lalo naman siyang lumalayo. Lagi na lamang siyang naghahandog sa mga Baal, at nagsusunog ng insenso sa mga diyus-diyosan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Ako ang nagturo kay Efraim na lumakad, inakay ko siya sa kanyang paghakbang; ngunit hindi niya kinilala ang pag-aalaga ko sa kanya.

4Pinatnubayan ko siya nang buong pagmamalasakit at nang buong pagmamahal. Ang katulad ko'y isang nag-aalis ng busal sa kanilang bibig, at yumuko ako upang sila'y mapakain.

5"Magbabalik sila sa Egipto, at paghaharian ng Asiria, sapagkat ayaw nilang magbalik sa akin.

6Lulusubin ng kaaway ang kanilang mga lunsod, wawasakin ang pampinid sa kanilang mga pinto, at lilipulin sila sa loob ng kanilang mga kuta.

7Ang bayan ko'y nagpasya nang tumalikod sa akin; kaya't sa pamatok sila'y itinakda, at walang sinumang makakapag-alis nito.

8"Pababayaan ba kita, Efraim? Ikaw ba'y ibibigay ko sa kaaway, Israel? Maitutulad ba kita sa Adma? Magagawa ko ba sa iyo ang aking ginawa sa Zeboim? Hindi ito kayang gawin ng puso ko; kahabagan ko'y nananaig.

9Hindi ko ipadarama ang bigat ng aking poot; Hindi ko na muling sisirain ang Efraim. Sapagkat ako'y Diyos at hindi tao, ang Banal na Diyos na nasa kalagitnaan ninyo, at hindi ako naparito upang kayo'y wasakin.

10"Susundin nila si Yahweh; siya'y uungal na parang leon, at mula sa kanlura'y nanginginig na darating ang kanyang mga anak na lalaki.

11Nagmamadali silang darating na parang mga ibong mula sa Egipto, at mga kalapating mula sa Asiria. Sa kanilang tahana'y ibabalik ko sila," sabi ni Yahweh.

**Hinatulan ang Israel at ang Juda**

12Sinabi ni Yahweh, "Nililinlang ako nitong si Efraim, at dinadaya ako nitong si Israel. Ang Juda nama'y naghahanap pa rin ng ibang diyos, at kinakalaban ang Banal at Matapat.

## Hosea 12

1Ang Efraim ay umaasa sa wala, at maghapong naghahabol sa hangin. Puro kasinungalingan at karahasan ang ginagawa; nakikipag-isa sa Asiria, at nakikipagkalakal sa Egipto."

2May paratang si Yahweh laban sa Juda. Paparusahan niya si Jacob ayon sa masama nitong pamumuhay, at gagantihan ayon sa kanyang mga gawa.

3Nang sila'y nasa sinapupunan pa, dinaya na ni Jacob ang kanyang kakambal, at nakipagbuno sa Diyos nang siya'y malaki na.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[4]Nakipagbuno siya sa anghel at nagwagi, umiyak siya at nakiusap na nawa'y pagpalain. Nakatagpo niya ang Diyos doon sa Bethel, at ito'y nakipag-usap sa kanya.

[5]Si Yahweh ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, Yahweh ang kanyang pangalan.

[6]Kaya't manumbalik kayo sa Diyos, at mamuhay kayong may pag-ibig at katarungan, patuloy kayong umasa sa kanya.

[7]Sinabi ni Yahweh, "Gustung-gusto nilang gamitin ang timbangang may daya.

[8]Nais nilang apihin ang kanilang kapwa. Sinasabi nila, 'Ako'y talagang mayaman, nakamtan ko ang kayamanang ito para sa aking sarili.' Ngunit lahat man ng kanyang kayamanan ay hindi sapat, pambayad sa nagawa niyang kasalanan.

[9]Ako si Yahweh, ang Diyos na naglabas sa inyo sa Egipto; muli ko kayong papatirahin sa mga tolda, gaya nang panahon ng mga itinakdang kapistahan.

[10]"Nagsalita ako sa pamamagitan ng mga propeta; at sa kanila'y nagbigay ng maraming pangitain. Maraming talinghaga rin ang sa kanila'y aking itinagubilin.

[11]Laganap sa Gilead ang pagsamba sa diyus-diyosan, at lahat ng sumasamba rito'y nakalaang mamatay. Naghahandog sa mga diyus-diyosang toro ang mga taga-Gilgal, at ang mga altar nila'y mawawasak magiging mga bunton ng bato sa gitna ng kabukiran."

[12]Tumakas si Jacob papuntang Aram, at doo'y nakatagpo ng mapapangasawa. Nagpastol siya roon ng mga tupa upang makamtan ang kamay ng isang dalaga.

[13]Inilabas ni Yahweh ang Israel sa Egipto sa pamamagitan ng isang propeta. At sa pamamagitan din ng propetang ito ay pinangalagaan niya ang Israel.

[14]Matindi na ang galit ni Yahweh kay Efraim, dahil sa kasamaang ginagawa nito. Kaya't siya'y paparusahan ni Yahweh, at pagbabayarin sa kanyang mga kasalanan.

# Hosea 13

### Ang Pagkawasak ng Efraim

[1]Noong una, kapag nagsalita si Efraim, ang mga tao ay nanginginig sa takot, sapagkat siya ay pinaparangalan sa Israel. Ngunit nagkasala siya at nahatulang mamatay dahil sa pagsamba kay Baal.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Hanggang ngayo'y patuloy sila sa paggawa ng kasalanan. Tinutunaw ang mga pilak at ginagawang diyus-diyosan. Pagkatapos ay sinasabi, “Maghandog kayo rito! At halikan ninyo ang mga guyang ito.”

3Kaya nga, matutulad sila sa mga ulap sa umaga o sa hamog na madaling naglalaho; gaya ng ipa na inililipad ng hangin, gaya ng usok na tinatangay sa malayo.

4Sinabi ni Yahweh, “Ako si Yahweh na inyong Diyos. Ako ang nagpalaya sa inyo sa Egipto. Noon, wala kayong ibang Diyos kundi ako, at walang ibang tagapagligtas maliban sa akin.

5Kinalinga ko kayo sa ilang, sa lupaing tuyo at tigang.

6Ngunit nang kayo'y mabusog ay naging palalo; at kinalimutan na ninyo ako.

7Kaya naman, kayo'y lalapain kong gaya ng leon, gaya ng isang leopardong nag-aabang sa tabing daan.

8Susunggaban ko kayo, gaya ng osong inagawan ng anak, lalapain ko kayo gaya ng isang leon, gaya ng paglapa ng isang hayop na mabangis.

9Wawasakin kita, Israel; sino ang sasaklolo sa iyo?

10Nasaan ngayon ang iyong hari na magliligtas sa iyo? Nasaan ang hari at ang mga pinunong sa akin ay hiningi mo?

11Sa galit ko sa inyo'y binigyan ko kayo ng mga hari, at dahil din sa aking poot, sila'y inaalis ko.

12“Inilista ko ang ginagawang kalikuan ni Efraim, tinatandaan kong mabuti para sa araw ng paniningil.

13Ang Israel ay binigyan ko ng pagkakataong magbagong-buhay, ngunit ito'y kanyang tinanggihan. Para siyang sanggol na ayaw lumabas sa sinapupunan. Siya'y anak na suwail at mangmang!

14Hindi ko sila paliligtasin sa daigdig ng mga patay. Hindi ko sila paliligtasin sa kamatayan. Kamatayan, pahirapan mo sila. Libingan, parusahan mo sila. Wala na akong nalalabing awa sa kanila.

15Bagaman siya'y lumagong gaya ng tambo, may darating na hangin mula kay Yahweh, ang hanging silangang nagbubuhat sa ilang, tutuyuin ang kanyang mga batis at aagawin ang kanyang yaman.

16Mananagot ang Samaria, sapagkat siya'y naghimagsik laban sa Diyos. Mamamatay sa tabak ang mga mamamayan niya. Ipaghahampasan sa lupa ang kanyang mga sanggol, at lalaslasin ang tiyan ng mga nagdadalang-tao.”

## Hosea 14

### Ang Pakiusap ni Hosea sa Israel

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Manumbalik ka Israel kay Yahweh na iyong Diyos. Ang pagbagsak mo ay
bunga ng iyong kasamaan.

2Dalhin ninyo ang inyong kahilingan, lumapit kayo kay Yahweh; sabihin ninyo
sa kanya, “Patawarin po ninyo kami. Kami'y iyong kahabagan, kami'y iyong
tanggapin. Maghahandog kami sa iyo ng pagpupuri.

3Hindi kami kayang iligtas ng hukbo ng Asiria, hindi kami sasakay sa mga
kabayo nila. Hindi na namin tatawaging diyos ang mga ginawa ng aming
kamay. Sa iyo lamang nakakasumpong ng awa ang mga ulila.”

4Sabi ni Yahweh, “Pagagalingin ko na sila sa kanilang kataksilan, mamahalin
ko na sila nang walang katapusan, sapagkat napawi na ang galit ko sa kanila.

5Ako'y matutulad sa hamog na magpapasariwa sa Israel. Mamumulaklak
siyang gaya ng liryo, at mag-uugat din siyang tulad ng sedar.

6Kanyang mga sanga ay darami, gaganda siyang tulad ng puno ng olibo, at
hahalimuyak gaya ng kagubatan ng Lebanon.

7Magbabalik sila at maninirahan sa ilalim ng aking kanlungan. Sila'y
yayabong na gaya ng isang halamanan, mamumulaklak na parang puno ng
ubas, at ang bango'y tulad ng alak mula sa Lebanon.

8Efraim, lumayo ka na sa mga diyus-diyosan! Ako lamang ang tumutugon at
nagbabantay sa iyo. Ako'y katulad ng sipres na laging luntian, at mula sa akin
ang iyong mga bunga.”

9Unawain ng matalino ang mga bagay na ito, at dapat mabatid ng mga
marunong. Matuwid ang mga kaparaanan ni Yahweh, at ang mabubuti'y doon
lumalakad, ngunit nadarapa ang mga masuwayin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Joel

## Joel 1

### Pagdadalamhati Dahil sa Pagkasira ng Pananim

1Ang aklat na ito ay naglalaman ng mensahe ni Yahweh sa pamamagitan ni Joel na anak ni Petuel.

2Makinig kayo, matatandang pinuno, pakinggan ninyo ito, lahat ng nasa Juda. May nangyari na bang ganito sa inyong panahon, o sa panahon ng inyong mga ninuno?

3Isalaysay ninyo ito sa inyong mga anak, upang maisalaysay naman nila ito sa magiging mga anak nila, at sila ang magsasabi nito sa kasunod nilang salinlahi.

4Pinagsawaan ng laksa-laksang balang ang mga pananim; kinain ng sumunod ang natira ng una.

5Gumising kayo at tumangis, mga maglalasing! Umiyak kayo, mga manginginom! Sapagkat wala nang ubas na magagawang alak.

6Sinalakay ng makapal na balang ang ating lupain. Sila'y mapangwasak at di mabilang; parang ngipin ng leon ang kanilang mga ngipin.

7Sinira nila ang ating mga ubasan at sinalanta ang mga puno ng igos. Sinaid nila ang balat ng mga puno, kaya't namuti pati mga sanga.

8Tumangis ka, bayan, gaya ng isang dalagang nagluluksa dahil sa pagkamatay ng binatang mapapangasawa niya.

9Walang butil o alak na maihahandog sa Templo ni Yahweh; kaya't nagdadalamhati pati mga pari dahil wala silang maihandog kay Yahweh.

10Walang maani sa mga bukirin, nagdadalamhati ang lupa; sapagkat nasalanta ang mga trigo, natuyo ang mga ubas, at nalanta ang mga punong olibo.

11Malungkot kayo, mga magsasaka! Umiyak kayong nag-aalaga ng mga ubasan, trigo at sebada, sapagkat lahat ng pananim ay pawang nasalanta.

12Natuyo ang mga ubasan, nalanta ang mga puno ng igos; ang mga punong granada, palma at mansanas—lahat ng punongkahoy ay natuyo; at nawala ang kagalakan ng mga tao.

13Magluksa kayo at tumangis, mga paring naghahandog sa altar. Pumasok kayo sa Templo at magdamag na magluksa. Walang trigo o alak na naihahandog sa inyong Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Iutos ninyo na mag-ayuno ang lahat. Tipunin ninyo ang mga tao. Tipunin ninyo ang matatandang pinuno at ang lahat ng taga-Juda, sa Templo ni Yahweh na inyong Diyos at dumaing sa kanya.

15Malapit na ang araw ni Yahweh, ang araw ng pangwawasak ng Makapangyarihang Diyos.

16Di ba't kitang-kita natin ang pagkasira ng mga pananim, at ang pagkapawi ng kagalakan at kasiyahan sa templo ng ating Diyos?

17Hindi sumisibol ang mga binhi sa tigang na lupa. Walang laman ang mga kamalig, at wasak ang mga imbakan, sapagkat ang mga trigo ay hindi sumibol.

18Umungal ang mga baka sapagkat walang mapagpastulan sa kanila. Gayundin naman, ang mga kawan ng tupa ay wala na ring makain.

19O Yahweh, dumaraing ako sa iyo, sapagkat natuyo ang mga pastulan, at ang mga punongkahoy ay parang sinunog ng apoy.

20Maging ang mga hayop sa gubat ay dumaraing sa iyo sapagkat natuyo rin ang mga batis, at ang pastulan ay parang tinupok ng apoy.

## Joel 2

### Ang mga Balang na Babala sa Pagdating ng Araw ni Yahweh

1Hipan ninyo ang trumpeta sa Zion at ibigay ang hudyat sa banal na bundok ng Diyos. Manginig kayong mga taga-Juda, sapagkat malapit nang dumating ang araw ni Yahweh.

2Ito'y makulimlim at malungkot na araw, madilim ang buong kapaligiran; at lilitaw ang napakakapal na balang tulad ng paglaganap ng dilim sa kabundukan. Hindi pa nangyayari ang ganito nang mga nakaraang panahon, at hindi na mangyayari pang muli maging sa darating na panahon.

3Nilalamon nilang tulad ng apoy ang mga halaman. Parang halamanan ng Eden ang lupain bago sila dumating, ngunit naging malungkot na ilang nang kanilang iwan; wala silang itinira.

4Parang mga kabayo ang kanilang anyo, waring mga kabayong pandigma kung sila'y tumakbo.

5Kapag dumaraan sila sa ibabaw ng mga bundok, ang ingay nila ay parang rumaragasang karwahe, parang tuyong damo na sinusunog. Nakahanay sila, tulad ng isang hukbo na handang makipagdigma.

6Habang sila'y papalapit, nasisindak ang lahat; namumutla sa takot ang bawat isa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[7]Sumasalakay sila, gaya ng mga mandirigma; inaakyat nila ang mga pader gaya ng mga kawal. Walang lingun-lingon silang sumusugod. Walang lumilihis sa landas na tinatahak.

[8]Lumulusot sila sa mga tanggulan at walang makakapigil sa kanila.

[9]Sinasalakay nila ang lunsod, inaakyat ang mga pader; pinapasok ang mga bahay, lumulusot sila sa mga bintana, gaya ng mga magnanakaw.

[10]Sa pagdaan nila'y nayayanig ang lupa; at umuuga ang langit. Nagdidilim ang araw at ang buwan, at pati mga bitui'y ayaw nang magliwanag.

[11]Parang kulog ang tinig ni Yahweh, kung mag-utos sa kanyang hukbo. Ang mga pangkat na tumatalima sa kanya ay marami at malalakas. Nakakapangilabot ang araw ni Yahweh! Sino ang makakatagal dito?

**Panawagan Upang Magsisi**

[12]“Gayunman,” sabi ni Yahweh, “mataimtim kayong magsisi at manumbalik sa akin; mag-ayuno kayo, manangis at magdalamhati.

[13]Magsisi kayo nang taos sa puso, at hindi pakitang-tao lamang.” Magbalik-loob kayo kay Yahweh na inyong Diyos! Siya'y mahabagin at mapagmahal, hindi madaling magalit at wagas ang pag-ibig; laging handang magpatawad at hindi nagpaparusa sa nagsisisi.

[14]Maaaring lingapin kayong muli ni Yahweh na inyong Diyos at bigyan kayo ng masaganang ani. Kung magkagayon, mahahandugan ninyo siya ng handog na pagkaing butil at alak.

[15]Hipan ninyo ang trumpeta sa ibabaw ng Bundok ng Zion! Tipunin ninyo ang mga tao at ipag-utos ninyo na mag-ayuno ang lahat!

[16]Tawagin ninyo ang mga tao para sa isang banal na pagtitipon. Tipunin ninyo ang lahat, matatanda at bata, pati mga sanggol at maging ang mga bagong kasal.

[17]Mga pari, tumayo kayo sa pagitan ng altar at ng pasukan ng Templo, manangis kayo't manalangin nang ganito: “Mahabag ka sa iyong bayan, O Yahweh! Huwag mong hayaang kami'y hamakin at pagtawanan ng ibang mga bansa at tanungin, ‘Nasaan ang inyong Diyos?’”

**Pinanumbalik ng Diyos ang Kasaganaan sa Lupain**

[18]Pagkatapos, ipinakita niya ang malasakit niya sa lupain, at naawa siya sa kanyang bayan.

[19]Ganito ang kanyang tugon: “Bibigyan ko kayo ngayon ng butil, alak at langis, upang kayo'y mabusog. Hindi na kayo hahamakin ng ibang bansa.

[20]Paaalisin ko na ang mga hukbong waring buhat sa hilaga; itataboy ko ang iba sa disyerto. At ang mga pangunahing hanay nila ay itataboy ko naman sa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

dagat sa silangan; sa dagat sa hilaga naman ang nasa hulihan. Aalingasaw ang baho ng kanilang mga bangkay. Lilipulin ko sila dahil sa lahat ng ginawa nila sa inyo."

21"Lupain, huwag kayong matakot; kayo ay magsaya't lubos na magalak dahil sa lahat ng ginawa ni Yahweh para sa inyo."

22Mga hayop, huwag kayong matakot, luntian na ang mga pastulan. Namumunga na ang mga punongkahoy, hitik na sa bunga ang igos at ang ubas.

23"Magalak kayo, mga taga-Zion! Matuwa kayo dahil sa ginawa ni Yahweh na inyong Diyos. Pinaulan niya nang sapat sa taglagas, at gayundin sa taglamig; tulad ng dati, uulan din sa tagsibol.

24Mapupuno ng ani ang mga giikan; aapaw ang alak at langis sa mga pisaan.

25Ibabalik ko ang lahat ng nawala sa inyo nang pinsalain ng katakut-takot na balang ang inyong mga pananim. Ako ang nagpadala ng hukbong ito laban sa inyo.

26Magkakaroon kayo ngayon ng saganang pagkain at kayo'y mabubusog. Pupurihin ninyo si Yahweh na inyong Diyos, na gumawa ng mga kahanga-hangang bagay para sa inyo. Hindi na muli pang kukutyain ang aking bayan.

27Kaya nga malalaman ninyo na ako'y sumasainyo at akong si Yahweh lamang ang inyong Diyos. Hindi na muling hahamakin ang aking bayan.

### Ang Araw ni Yahweh at ang Kanyang Espiritu

28"Pagkatapos nito, ipagkakaloob ko ang aking Espiritu sa lahat ng tao: ipahahayag ng inyong mga anak na lalaki't babae ang aking mga mensahe. Magkakaroon ng mga panaginip ang inyong matatandang lalaki, at makakakita ng mga pangitain ang inyong mga kabataang lalaki.

29Sa panahong iyon, ibubuhos ko rin ang aking Espiritu maging sa mga alipin, lalaki man o babae.

30"Magpapakita ako ng mga kababalaghan sa langit at sa lupa; dugo, apoy at makapal na usok.

31Ang araw ay magdidilim, at ang buwan ay pupulang parang dugo bago dumating ang dakila at nakakatakot na araw ni Yahweh.

32At sa panahong iyon, ang lahat ng hihingi ng tulong kay Yahweh ay maliligtas. Gaya ng kanyang sinabi, may ilang makakatakas sa Bundok ng Zion at ang aking mga pinili'y makakaligtas sa Jerusalem."

## Joel 3

### Hahatulan ni Yahweh ang mga Bansa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Sinabi ni Yahweh, “Pagsapit ng araw na iyon, pasasaganain kong muli ang Juda at ang Jerusalem.

2Titipunin ko ang lahat ng bansa at dadalhin sa Libis ng Jehoshafat. Doon ko sila hahatulan ayon sa ginawa nila sa aking bayan. Pinangalat nila sa iba't ibang bansa ang mga Israelita at pinaghati-hatian ang aking lupain.

3Nagpalabunutan sila upang magpasya kung kanino mapupunta ang mga bihag. Ipinagbili nila ang mga bata bilang mga alipin upang ang pinagbilhan ay ibili naman ng alak at ibayad sa mga babaing parausan.

4“Ano ang ginagawa ninyo sa akin, kayong mga taga-Tiro, Sidon at Filistia? Sinusuhulan ba ninyo ako bilang kapalit ng isang bagay? Kung gayon, mabilis ko kayong gagantihan!

5Kinuha ninyo ang aking pilak, ginto at mga kayamanan at dinala ang mga ito sa inyong mga templo.

6Binihag ninyo at inilayo sa kanilang bayan ang mga mamamayan ng Juda at Jerusalem at ipinagbili sa mga Griego.

7Pauuwiin ko na sila mula sa mga dakong pinagtapunan ninyo sa kanila. Ipararanas ko naman sa inyo ang ginawa ninyo sa kanila.

8Ipagbibili ko ang inyong mga anak sa mga taga-Juda upang ipagbili naman nila sa mga Sabeo.” Iyan ang sinabi ni Yahweh.

9“Ipahayag mo ito sa mga bansa: Humanda kayo sa isang digmaan. Tawagin ninyo ang inyong mga mandirigma, tipunin ninyong lahat ang inyong mga kawal at sumalakay kayo!

10Gawin ninyong tabak ang inyong mga araro at gawing sibat ang mga panggapas. Pati ang mahihina ay kailangang makipaglaban.

11Pumarito kayo agad, lahat ng bansa sa paligid, at magtipon kayo sa libis.” O Yahweh, ipadala mo ang iyong mga hukbo.

12“Kailangang humanda ang mga bansa at magtungo sa Libis ng Jehoshafat. Akong si Yahweh ay uupo roon upang hatulan ang lahat ng bansa sa paligid.

13Ubod sila ng sama; gapasin ninyo silang parang uhay sa panahon ng anihan. Durugin ninyo silang parang ubas sa pisaan hanggang sa umagos ang katas.”

14Libu-libo ang nasa Libis ng Jehoshafat, hindi magtatagal at darating doon ang araw ni Yahweh.

15Hindi na magliliwanag ang araw at ang buwan, at hindi na rin kikislap ang mga bituin.

**Pagpapalain ng Diyos ang Kanyang Bayan**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Dumadagundong mula sa Bundok ng Zion ang tinig ni Yahweh, mula sa Jerusalem ang kanyang tinig ay naririnig; nanginginig ang langit at lupa. Subalit ipagtatanggol niya ang kanyang bayan.

17"Sa gayon, malalaman mo, O Israel, na ako si Yahweh ay iyong Diyos! Ang aking tahanan ay ang Zion, ang banal na bundok. Magiging banal na lunsod ang Jerusalem; hindi na ito muling masasakop ng mga dayuhan.

18Sa panahong iyon, mapupuno ng ubasan ang mga kabundukan; bakahan ang makikita sa bawat burol, at sasagana sa tubig ang buong Juda! Dadaloy mula sa Templo ni Yahweh ang isang batis, na didilig sa Libis ng Sitim.

19"Magiging disyerto ang Egipto, at magiging tigang ang lupain ng Edom, sapagkat sinalakay nila ang lupain ng Juda at pinatay ang mga mamamayang walang kasalanan.

20-21Ipaghihiganti ko ang lahat ng nasawi; paparusahan ko ang sinumang nagkasala. Ang Juda at ang Jerusalem ay pananahanan magpakailanman, at ako ay mananatili sa Bundok ng Zion."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Amos

## Amos 1

1Ang aklat na ito ay naglalaman ng mga pahayag ni Amos, isang pastol na
taga-Tekoa. Ang mga bagay na tungkol sa Israel ay ipinahayag sa kanya ng
Diyos dalawang taon bago lumindol. Si Uzias noon ang hari ng Juda, at si
Jeroboam namang anak ni Joas ang hari ng Israel.

2Sinabi ni Amos, “Dumadagundong mula sa Bundok ng Zion ang tinig ni
Yahweh, mula sa Jerusalem ang kanyang tinig ay naririnig. Natutuyo ang
mga pastulan, nalalanta pati ang mga damo sa Bundok Carmel.”

### Paghatol sa mga Karatig-bansa ng Israel
### Sa Siria

3Ganito ang sabi ni Yahweh: “Paulit-ulit na nagkasala ang mga taga-
Damasco, kaya sila'y paparusahan ko. Pinagmalupitan nila ang Gilead,
dinurog nila ito sa giikang bakal.

4Susunugin ko ang palasyo ni Hazael, at tutupukin ko ang mga tanggulan ni
Ben-hadad.

5Wawasakin ko ang pintuan ng Lunsod ng Damasco; pupuksain ko ang mga
taga libis ng Aven, pati ang may hawak ng setro sa Beth-eden; ang mga taga-
Siria naman ay dadalhing-bihag sa Kir.”

### Sa Filistia

6Ganito ang sabi ni Yahweh: “Paulit-ulit na nagkasala ang mga taga-Gaza,
kaya sila'y paparusahan ko. Binihag nila ang isang bansa at ipinagbili sa mga
taga-Edom.

7Susunugin ko ang mga pader ng Gaza; tutupukin ko ang mga tanggulan
doon.

8Aalisin ko ang mga pinuno ng Asdod, at ang may hawak ng setro sa
Ashkelon. Hahanapin ko ang Ekron, at lilipulin ko ang mga Filisteo roon.”

### Sa Tiro

9Ganito ang sabi ni Yahweh: “Paulit-ulit na nagkasala ang mga taga-Tiro,
kaya sila'y paparusahan ko. Ipinagbili nila sa Edom ang libu-libo nilang bihag;
sinisira nila ang kasunduan ng pagkakapatiran.

10Susunugin ko ang mga pader ng Tiro; tutupukin ko ang mga palasyo roon.”

### Sa Edom

11Ganito ang sabi ni Yahweh: “Paulit-ulit na nagkasala ang mga taga-Edom,
kaya sila'y paparusahan ko. Hinabol nila ng tagâ ang mga kapatid nilang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Israelita at hindi sila naawa kahit bahagya. Hindi naglubag ang kanilang poot kailanman.

12Susunugin ko ang Teman, tutupukin ko naman ang mga tanggulan sa Bozra."

### Sa Ammon

13Ganito ang sabi ni Yahweh: "Paulit-ulit na nagkasala ang mga taga-Ammon, kaya sila'y paparusahan ko. Sa labis nilang kasakiman sa lupain, nilaslas nila ang tiyan ng mga buntis sa Gilead.

14Susunugin ko ang mga pader sa Rabba; tutupukin ko ang mga tanggulan doon. Magsisigawan sila sa panahon ng labanan; mag-aalimpuyo ang labanan tulad ng isang bagyo.

15Mabibihag ang kanilang hari, gayundin ang kanyang mga tauhan."

## Amos 2

### Sa Moab

1Ganito ang sabi ni Yahweh: "Paulit-ulit na nagkasala ang mga taga-Moab, kaya sila'y paparusahan ko. Sinunog nila at pinulbos ang mga buto ng hari ng Edom.

2Susunugin ko ang lupain ng Moab; tutupukin ko ang mga tanggulan sa Keriot. Masasawi ang mga taga-Moab sa gitna ng ingay ng labanan, sa sigawan ng mga kawal at tunog ng mga trumpeta.

3Papatayin ko ang hari ng Moab, gayundin ang mga pinuno sa lupaing iyon."

### Sa Juda

4Ganito ang sabi ni Yahweh: "Paulit-ulit na nagkasala ang mga taga-Juda, kaya sila'y paparusahan ko. Hinamak nila ang aking mga katuruan; nilabag nila ang aking mga kautusan. Iniligaw sila ng mga diyus-diyosang pinaglingkuran ng kanilang mga ninuno.

5Susunugin ko ang Juda; tutupukin ko ang mga tanggulan ng Jerusalem."

### Ang Paghatol sa Israel

6Ganito ang sabi ni Yahweh: "Paulit-ulit na nagkasala ang mga taga-Israel, kaya sila'y paparusahan ko. Dahil sa suhol, pinarusahan nila ang mga matutuwid, at ibinentang alipin sa halagang isang pares ng sandalyas ang mga taong hindi makabayad ng utang.

7Niyuyurakan nila ang mga abâ; ipinagtutulakan nila ang mahihirap. Nakikipagtalik ang mag-ama sa iisang babaing alipin, kaya't nalalapastangan ang aking banal na pangalan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Ginagamit nilang higaan sa tabi ng alinmang altar ang balabal na sangla ng isang may utang. Sa templo ng kanilang Diyos, sila'y nag-iinuman ng alak na binili sa salaping ninakaw sa mga dukha.

9Nagawa pa nila ito sa akin matapos kong lipulin ang mga Amoreo, na kasintangkad ng mga punong sedar at kasintigas ng punong ensina. Pinuksa kong lahat ang mga ito alang-alang sa kanila.

10Inilabas ko kayo mula sa Egipto, pinatnubayan sa ilang sa loob ng apatnapung taon, at ibinigay sa inyo ang lupain ng mga Amoreo.

11Itinalaga kong propeta ang ilan sa inyong mga anak; ginawa kong Nazareo ang iba ninyong kabataan. Mga taga-Israel, hindi ba totoo ang aking sinasabi?

12Ngunit pinainom ninyo ng alak ang mga Nazareo, at pinagbawalang mangaral ang mga propeta.

13Kaya ngayo'y pababagsakin ko kayo sa lupa, gaya ng kariton na di makausad sa bigat ng dala.

14Maging ang matutuling tumakbo ay di makakatakas. Manghihina pati na ang malalakas, maging ang magigiting ay di rin makakaligtas;

15walang tatamaan ang mga manunudla; di makakaligtas ang matutuling tumakbo, di rin makakatakas ang mga nakakabayo.

16Sa araw na iyon ay magsisitakas maging ang pinakamatatapang."

## Amos 3

1Pakinggan ninyo, mga taga-Israel, itong sinabi ni Yahweh laban sa inyo na inilabas niya mula sa Egipto:

2"Sa lahat ng bansa sa ibabaw ng lupa, kayo lamang ang aking itinangi at inalagaan. Kaya't kayo'y aking paparusahan dahil sa inyong mga kasalanan."

### Ang Gawain ng Propeta

3Maaari bang magsama sa paglalakbay ang dalawang taong hindi nagkakasundo?

4Umuungal ba ang leon sa kagubatan kung wala siyang mabibiktima? Umaatungal ba ang batang leon sa loob ng yungib, kung wala siyang nahuling anuman?

5Mabibitag ba ang isang ibon kung hindi pinainan? Iigkas ba ang bitag kung ito'y walang huli?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Kapag ang mga trumpeta'y humudyat sa lunsod, hindi ba't manginginig sa takot ang mga tao? Kapag may sakunang dumating sa lunsod, hindi ba si Yahweh ang may gawa niyon?

7Tunay na ang Panginoong Yahweh ay di kumikilos, kung hindi pa ipinababatid sa mga lingkod niyang propeta.

8Kapag umungal ang leon, sino ang hindi matatakot? Kapag nagsalita ang Panginoong Yahweh, sinong hindi magpapahayag?

**Ang Hatol sa Samaria**

9Ipahayag mo sa mga nakatira sa mga tanggulan ng Asdod, at sa mga tanggulan ng Egipto, “Magtipon kayo sa mga bundok ng Samaria, tingnan ninyo ang malaking kaguluhan doon, maging ang nagaganap na pang-aapi sa lunsod.”

10“Hindi na nila alam ang paggawa ng mabuti,” sabi ni Yahweh. “Ang mga bahay nila'y punung-puno ng mga bagay na kinamkam sa pamamagitan ng karahasan at pagpatay.

11Kaya't lulusubin sila ng isang kaaway, wawasakin ang kanilang mga tanggulan, hahalughugin ang kanilang mga tahanan.”

12Sabi pa ni Yahweh, “Kung paanong walang maililigtas ang isang pastol sa tupang sinila ng isang leon, liban sa dalawang paa't isang tainga. Iilan din ang ililigtas ng Diyos sa mga Israelitang nakatira ngayon sa Samaria at nakahiga sa magagarang higaan.

13“Pakinggan ninyong mabuti ito at babalaan ang mga anak ni Jacob,” sabi ng Panginoong Yahweh, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

14“Sa araw na parusahan ko ang mga taga-Israel dahil sa kanilang mga kasalanan, wawasakin ko ang mga altar sa Bethel, at malalaglag sa lupa ang mga iyon.

15Wawasakin ko ang mga bahay na pantaglamig at pantag-araw. Guguho ang mga bahay na yari sa garing; ang malalaking bahay ay wawasaking lahat.”

## Amos 4

1Pakinggan ninyo ito, mga babae sa Samaria na naglalakihang gaya ng mga baka ng Bashan, na nang-aapi sa mahihina, nangingikil sa mahihirap, at nag-uutos sa inyong mga asawa upang dalhan kayo ng inumin.

2Ang Panginoong Yahweh ay banal, at kanyang ipinangako: “Darating ang araw na kayo'y huhulihin ng pamingwit. Bawat isa sa inyo'y matutulad sa isdang nabingwit.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Ilalabas kayo sa siwang ng pader at kayo'y itatapon sa Harmon.”

**Ang Pagmamatigas ng Israel**

4“Mga mamamayan ng Israel,” sabi ng Panginoong Yahweh, “Pumunta kayo sa Bethel at doo'y gumawa ng kasalanan! Pumunta rin kayo sa Gilgal at dagdagan pa ang inyong mga kasalanan! Magdala kayo ng mga hayop na ihahandog tuwing umaga; magdala kayo ng ikasampung bahagi tuwing ikatlong araw.

5Maghandog kayo ng tinapay bilang pasasalamat; ipagyabang ninyo ang inyong mga kusang-loob na handog! sapagkat ito ang gustung-gusto ninyong gawin.

6“Ginutom ko kayo sa bawat lunsod; walang tinapay na makain sa bawat bayan, gayunma'y hindi kayo nanumbalik sa akin.

7Hindi ko rin pinapatak ang ulan na kailangan ng inyong halaman. Nagpaulan ako sa isang lunsod ngunit sa iba'y hindi. Dinilig ko ang isang bukirin ngunit ang iba'y hinayaang matuyo.

8Kaya't naghanap ang mga tao mula sa dalawa o tatlong lunsod ng tubig sa karatig-lunsod ngunit di rin napatid ang kanilang uhaw. Gayunman, hindi pa rin kayo nanumbalik sa akin.

9“Sinira ko ang inyong pananim, sa pamamagitan ng mainit na hangin at amag. Kinain ng mga balang ang inyong mga halaman, pati ang mga puno ng ubas, igos at olibo, gayunma'y hindi pa rin kayo nanumbalik sa akin.

10“Pinadalhan ko kayo ng salot tulad ng aking ginawa sa Egipto. Pinatay ko sa digmaan ang inyong kabinataan; inagaw ko ang inyong mga kabayo. Bumaho ang inyong mga kampo dahil sa mga nabubulok na bangkay; halos hindi kayo makahinga, subalit hindi pa rin kayo nanumbalik sa akin.

11“Pinuksa ko ang ilan sa inyong lunsod tulad ng Sodoma at Gomorra. Kayo'y parang nagbabagang kahoy na inagaw sa apoy, ngunit ayaw pa rin ninyong manumbalik sa akin,” sabi ni Yahweh.

12“Mga taga-Israel, gagawin ko ito sa inyo, kaya humanda kayong humarap sa inyong Diyos!”

13Siya ang lumikha ng mga bundok at ng hangin, at ang nagpapahayag sa mga tao ng kanyang kaisipan. Ginagawa niyang gabi ang araw; siya ang naghahari sa buong sanlibutan. Yahweh, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat ang kanyang pangalan!

## Amos 5

**Panawagan Upang Magsisi**

1Mga taga-Israel, pakinggan ninyo ang panaghoy kong ito tungkol sa inyo:

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Nabuwal ang Israel at di na makakabangon. Nakahandusay siya at sa kanya'y walang tumutulong.

3Sinabi ng Panginoong Yahweh, “Sa sanlibong kawal na inatasan ng isang lunsod, iisang daan ang makakabalik; sa sandaan namang inatasan ng isa pang lunsod, ang makakabalik ay sampu na lamang.”

4Ito pa ang sabi ni Yahweh sa mga taga-Israel: “Lumapit kayo sa akin at kayo'y mabubuhay;

5huwag kayong pumunta sa Bethel upang humingi ng tulong; huwag kayong pumunta doon sa Beer-seba, sapagkat ang mga taga-Gilgal ay tiyak na mabibihag, at ang Bethel ay mawawalang kabuluhan.”

6Lumapit kayo kay Yahweh at kayo'y mabubuhay. Kung hindi, bababâ siyang parang apoy sa mga anak ni Jose, susunugin ang Bethel at walang makakasugpo sa apoy na ito.

7Kahabag-habag kayo na nagkakait ng katarungan at yumuyurak sa karapatan ng mga tao!

8Nilikha ni Yahweh ang Pleyades at ang Orion. Itinatakda niya ang araw at ang gabi. Tinipon niya ang tubig mula sa karagatan, upang muling ibuhos sa sangkalupaan; Yahweh ang kanyang pangalan.

9Winawasak niya ang mga kuta at dinudurog ang mga tanggulan.

10Namumuhi kayo sa naninindigan sa katarungan, at hinahamak ang nagsasabi ng katotohanan.

11Ginigipit ninyo ang mahihirap at hinuhuthot ang kanilang ani. Kaya't hindi ninyo matitirhan ang bahay na batong inyong itinayo, ni malalasap man lang ang alak mula sa malalawak ninyong ubasan.

12Alam ko kung gaano karami ang inyong ginawang kasamaan, at kung gaano kabigat ang inyong mga kasalanan. Kayo'y humihingi ng suhol sa mga taong matuwid, at ipinagkakait ninyo sa mga mahihirap ang katarungan.

13Naghahari ang kasamaan sa panahong ito; kaya't kung ika'y matalino, mananahimik ka na lang.

14Gawin mo ang matuwid, hindi ang masama, upang ikaw ay mabuhay. Sa gayon, sasaiyo si Yahweh, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, tulad ng sinasabi mo.

15Kamuhian mo ang masama, ibigin ang mabuti. Pairalin mo sa mga hukuman ang katarungan, baka sakaling kahabagan ni Yahweh ang matitirang buháy sa lahi ni Jose.

16Kaya't sinasabi ni Yahweh, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, ang Panginoon, “Maririnig sa mga lansangan ang mga pagtangis; at ang mga

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

paghihinagpis sa mga liwasan. Pati ang mga magsasaka ay makikidalamhati, kasama ng mga bayarang taga-iyak.

17May mga pagtangis sa bawat ubasan, sapagkat darating na ako sa inyong kalagitnaan."

18Kahabag-habag kayo na naghihintay sa pagdating ng araw ni Yahweh! Bakit ninyo hinihintay ang araw na iyon? Iyon ay magiging araw ng kadiliman, hindi ng kaliwanagan.

19Para kayong umiwas sa leon ngunit oso ang nasagupa! O kaya'y gaya ng isang taong umuwi sa bahay, ngunit pagsandal sa dingding ay tinuklaw ng ahas!

20Magiging pusikit na kadiliman at hindi kaliwanagan ang araw ni Yahweh; araw na napakalungkot at napakadilim!

21"Namumuhi ako sa inyong mga handaan, hindi ako nalulugod sa inyong mga banal na pagtitipon.

22Hindi ko matatanggap ang inyong mga handog na sinusunog, handog na mga pagkaing butil at mga hayop na pinataba. Kahit na ang mga iyon ay handog pangkapayapaan, hindi ko pa rin papansinin.

23Tigilan na ninyo ang maiingay na awitan; ayoko nang marinig ang inyong mga alpa.

24Sa halip ay padaluyin ninyo ang katarungan, gaya ng isang ilog; gayundin ang katuwiran tulad ng isang di natutuyong batis.

25"Sa loob ng apatnapung taóng pamamalagi ninyo sa ilang, O Israel, nagdala ba kayo sa akin ng mga handog na sinusunog at ng mga handog ng pasasalamat?

26Buhatin na ninyo ang rebulto ni Sakut na inyong hari at ni Kaiwan, ang diyos na bituin, ang mga imahen na inyong ginawa.

27Dahil dito'y itatapon ko kayo sa kabila pa ng Damasco," sabi ni Yahweh, na ang pangalan ay Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

## Amos 6

### Ang Pagkawasak ng Israel

1Kahabag-habag kayong namumuhay na maginhawa sa Zion, at kayong naninirahang matiwasay sa Bundok ng Samaria, kayo na kinikilala sa Israel, ang bansang pinili at nilalapitan ng mga nangangailangan!

2Tingnan ninyo ang lunsod ng Calne; puntahan ninyo ang tanyag na lunsod ng Hamat, at ang Gat, na lunsod ng mga Filisteo. Nakakahigit ba sila kaysa Juda at Israel? Mas malaki ba ang lupaing sakop nila kaysa inyo?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Gusto ninyong ipagpaliban ang araw ng inyong kapahamakan, ngunit sa ginagawa ninyo'y lalong nalalapit ang araw ng karahasan.

4Kahabag-habag kayo na nahihiga sa magagarang kama na yari sa garing, at nagpapahinga sa malalapad na himlayan, habang nagpapakabusog sa mga piling tupa at pinatabang guya.

5Lumilikha pa kayo ng mga walang kabuluhang awitin sa saliw ng alpa; tulad ni David, gumagawa kayo ng mga instrumento para sa inyong musika.

6Sa malalaking mangkok na kayo umiinom ng alak, at mamahaling pabango ang ipinapahid sa katawan, ngunit hindi kayo nagdadalamhati sa pagkawasak ng Israel!

7Kaya nga't kayo ang unang magiging bihag; matitigil na ang inyong mga handaan at pagdiriwang.

8Mariing ipinahayag ng Panginoong Yahweh, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, “Namumuhi ako sa labis na kapalaluan ng Israel! Hindi ako nalulugod sa kanilang mga tanggulan. Ibibigay ko sa kaaway ang buong lunsod at ang lahat ng bagay na naroon.”

9Kung sasampung lalaki ang natira sa isang pamilya, silang lahat ay mamamatay.

10Kapag dumating ang kamag-anak ng mga namatay upang ilabas at sunugin ang mga bangkay, magtatanong siya sa sinumang nagtatago sa bahay kung mayroon pa siyang ibang kasama. Kung ang sagot ay, “Wala!” sasabihin nito, “Tumahimik ka!” Ingatan nating huwag mabanggit man lang ang pangalan ni Yahweh.

11Kapag siya ang nag-utos, magkakadurug-durog ang mga bahay, malaki man o maliit.

12Tumatakbo ba sa batuhan ang mga kabayo? Naipang-aararo ba sa dagat ang mga baka? Hindi nga, ngunit ginawa ninyong lason ang katarungan at pinalitaw na mali ang tama.

13Tuwang-tuwa kayo nang masakop ninyo ang bayan ng Lo-debar. Sabi ninyo, “Tayo'y malakas at nakaya nating sakupin ang Karnaim.”

14Ngunit ito ang sagot ni Yahweh, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat: “Susuguin ko ang isang bansa laban sa inyo, mga taga-Israel. Kayo'y pahihirapan buhat sa Pasong Hamat sa hilaga hanggang sa Batis ng Araba sa timog.”

## Amos 7

### Ang mga Balang sa Pangitain

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Ito ang pangitaing ipinakita sa akin ng Panginoong Yahweh: Nagpakawala siya ng maraming balang pagkatapos na gapasin ang bahagi ng ani na para sa hari, at habang nagsisimulang tumubo ang pananim.

2Nakita kong sinimot ng mga balang ang lahat ng halaman sa lupain. At nasabi ko, “Panginoong Yahweh, patawarin mo po ang iyong bayan! Paano pa sila mabubuhay? Sila'y maliliit at mahihina!”

3Nagbago ang isip ni Yahweh at sinabi niya, “Sige, hindi na mangyayari ang iyong nakita.”

**Ang Apoy sa Pangitain**

4Ito ang sumunod na ipinakita sa akin ng Panginoong Yahweh: Handa na siya upang parusahan ang mga tao sa pamamagitan ng apoy. Ang tubig sa kalaliman ng lupa ay tinuyo ng apoy at ngayo'y nasusunog na ang lupain.

5Kaya't ako'y nakiusap, “Panginoong Yahweh, maawa po kayo sa kanila! Sila'y mahihina't maliliit, baka hindi sila makatagal!”

6Nagbago ang isip ni Yahweh at ang sabi, “Hindi ko na rin ito hahayaang mangyari.”

**Ang Hulog sa Pangitain**

7Ito pa ang ipinakita niya sa akin: Siya'y nakatayo sa tabi ng pader na ginamitan ng hulog. Nakita kong hawak niya ang hulog.

8Tinanong ako ni Yahweh, “Amos, ano ang nakikita mo?” “Isang hulog po,” sagot ko. At sinabi niya, “Sa pamamagitan ng hulog na ito, ipapakita ko ang pagkakamali ng aking bayang Israel. Hindi na magbabago pa ang pasya ko, paparusahan ko sila.

9Mawawasak ang mga altar ng mga salinlahi ni Isaac. Mawawasak ang mga banal na dako ng Israel. Sa pamamagitan ng tabak, pupuksain ko ang sambahayan ni Jeroboam.”

**Si Amos at si Amazias**

10Si Amazias na pari sa Bethel ay nagsumbong kay Haring Jeroboam ng Israel. “Kasama ng mga tao, si Amos ay may balak na masama laban sa inyo,” sabi niya. “Dahil sa mga sinasabi niya'y nagugulo ang bayan.

11Sinasabi niyang, ‘Mamamatay si Jeroboam sa digmaan, at ang Israel ay dadalhing-bihag sa isang malayong lupain.’”

12Pagkatapos, hinarap naman ni Amazias si Amos at sinabi, “Tama na iyan, Propeta! Magbalik ka na sa Juda; doon ka mangaral. Hayaan mong sila ang magbayad sa iyo.

13Huwag ka nang mangaral dito sa Bethel. Narito ang templo ng kaharian at dito sumasamba ang hari.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Sumagot si Amos, “Hindi ako propeta na nangangaral at hindi rin nagsanay na maging isang propeta upang bayaran. Ako'y pastol at nag-aalaga rin ng mga puno ng sikamoro.

15Ngunit inalis ako ni Yahweh sa gawaing iyon at inutusang magpahayag sa mga taga-Israel para kay Yahweh.

16Kaya pakinggan ninyo ang sinasabi ni Yahweh. Sinabi ninyo, ‘Huwag kang mangaral laban sa Israel, at huwag kang mangaral laban sa sambahayan ni Isaac.’

17Sinasabi ni Yahweh, ‘Ang asawa mo'y magiging babaing bayaran, at masasawi naman sa digmaan ang iyong mga anak. Paghahati-hatian ng iba ang iyong lupain at ikaw ay mamamatay. Sa isang bayang hindi kumikilala kay Yahweh, ang mga taga-Israel ay dadalhing-bihag sa isang malayong lupain.’”

## Amos 8

### Ang Pangitain tungkol sa Isang Basket ng Prutas

1Ipinakita naman sa akin ng Panginoong Yahweh ang isang basket ng prutas.

2Sinabi niya, “Amos, ano ang nakikita mo?” “Isa pong basket ng prutas,” sagot ko. At sinabi sa akin ni Yahweh, “Dumating na ang wakas ng Israel. Ang pagpaparusa sa kanila'y di ko na maipagpapaliban pa.

3At sa araw na iyon, malulungkot na awitin ang maririnig sa palasyo. May mga bangkay na naghambalang sa labas at maghahari ang katahimikan.”

### Ang Kapahamakan ng Israel

4Pakinggan ninyo ito, kayong sumisikil sa mga nangangailangan, at kayong umaapi sa mga dukha.

5Ang sabi ninyo sa inyong sarili, “Inip na inip na kaming matapos ang mga araw ng pagdiriwang. Hindi tuloy namin maipagbili ang aming mga inani. Kailan ba matatapos ang Sabbath, para maipagbili namin ang mga trigo? Tataasan namin ang halaga, gagamit kami ng madayang takalan, at dadayain namin sa timbang ang mga mamimili.

6Bibilhin namin upang maging alipin ang mga mahihirap sa halagang isang pilak, at ang mga nangangailangan ay sa halagang katumbas ng isang pares na sandalyas. At ipagbibili namin ang ipa ng trigo.”

7Sumumpa si Yahweh, ang Diyos ng Israel, “Hindi ko na mapapatawad ang masasama nilang gawa.

8Magkakaroon ng lindol sa lupa at mananangis ang bawat isa. Mayayanig ang buong bayan; tataas-bababâ ito na tulad ng Ilog Nilo.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9 Sa araw na iyon, sabi ng Panginoong Yahweh, “Lulubog ang araw sa katanghaliang-tapat, at magdidilim sa buong maghapon.

10 Ang iyong kapistahan ay gagawin kong araw ng kapighatian; at ang masasayang awitin ninyo'y magiging panaghoy. Pipilitin ko kayong magsuot ng panluksa, at mapipilitan kayong mag-ahit ng ulo. Matutulad kayo sa magulang na nagdadalamhati, dahil sa pagkamatay ng kaisa-isang anak. Ang araw na iyon ay magiging mapait hanggang sa wakas.”

11 Sinabi ng Panginoong Yahweh, “Darating din ang araw na papairalin ko sa lupain ang taggutom. Magugutom sila ngunit hindi sa pagkain; mauuhaw sila ngunit hindi sa tubig, kundi sa pakikinig ng aking mga salita.

12 Mula sa hilaga papuntang timog, mula sa silangan hanggang sa kanluran, hahanapin nila ang salita ni Yahweh, subalit iyon ay hindi nila matatagpuan.

13 Dahil sa matinding pagkauhaw na ito, mawawalan ng malay-tao ang magagandang dalaga at ang malalakas na binata.

14 Ang mga sumusumpa sa pangalan ng mga diyus-diyosan sa Samaria, ang mga nagsasabing, ‘Sa ngalan ng diyos ng Dan,’ at ‘Sa ngalan ng diyos ng Beer-seba,’ sila'y mabubuwal at hindi na makakabangon pa.”

## Amos 9

### Ang mga Hatol ng PANGINOON

1 Nakita kong nakatayo sa may altar ang Panginoon. At siya'y nag-utos ng ganito: “Bayuhin mo ang mga haligi ng templo hanggang sa mauga ang buong pundasyon, at ihampas ito sa ulo ng mga tao. Ang mga nalabi ay masasawi sa digmaan, walang sinumang makakatakas; isa ma'y walang makakaligtas.

2 Humukay man sila patungo sa daigdig ng mga patay, aabutan ko pa rin sila. Umakyat man sila sa langit, hihilahin ko silang pababa mula roon.

3 Kung magtago man sila sa Bundok ng Carmel, tutugisin ko sila't huhulihin. Magtago man sila sa kalaliman ng dagat, uutusan ko ang dambuhala sa dagat upang sila'y lamunin.

4 Kung bihagin man sila ng kanilang kaaway, iuutos kong sila'y patayin sa pamamagitan ng tabak. Ipinasya ko nang puksain sila at hindi tulungan.”

5 Si Yahweh, ang Makapangyarihang Panginoon, siya na humipo sa lupa at iyon ay natutunaw, at ang lahat ng naroon ay nagdadalamhati. Dahil dito'y ang buong lupain ay tumataas gaya ng Ilog Nilo, at bumababa gaya ng ilog sa Egipto.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Siya na gumagawa ng mga silid doon sa kalangitan, at naglalagay ng pundasyon nito sa ibabaw ng lupa, inipon niya ang tubig sa dagat, at ibinubuhos iyon sa lupa. Yahweh ang kanyang pangalan!

7Sinasabi ni Yahweh, “Para sa akin, kayong mga taga-Israel, ay kapantay lang ng mga taga-Etiopia. Hinango ko ang Israel mula sa Egipto; iniahon ko ang mga Filisteo sa Caftor at ang mga taga-Siria mula sa Kir.

8Ako ang Panginoong Yahweh na nagmamasid sa makasalanang kaharian ng Israel. Lilipulin ko sila sa balat ng lupa, ngunit di ko lubusang pupuksain ang lahi ni Jacob.

9“Iuutos kong ligligin ang bayan ng Israel kasama ng lahat ng bansa; tulad ng pag-alog sa salaan, ngunit walang butil na babagsak sa lupa.

10Ang mga makasalanan sa aking bayan ay masasawi sa digmaan; lahat ng nagsasabing, ‘Hindi ipahihintulot ng Diyos na tayo'y mapahamak.’”

**Manunumbalik ang Israel**

11“Sa araw na iyon, ibabangon kong muli ang nawasak na kaharian ni David, at aayusin kong muli ang mga nasirang dako. Ibabalik ang mga guho; itatayo kong muli iyon, kagaya noong una.

12Sa gayon ay sasakupin ng Israel ang nalalabi sa lupain ng Edom at ang lahat ng bansang dati'y aking pag-aari,” sabi ni Yahweh na siyang gagawa ng mga bagay na ito.

13Sinabi rin ni Yahweh, “Darating ang panahon, mag-aararo ang magbubukid habang nag-aani pa ang manggagapas; at maghahasik na ng binhi ng ubas ang magsasaka habang gumagawa pa ng alak ang mag-aalak. Dadaloy sa mga bundok ang bagong alak, at masaganang aagos sa mga burol.

14Ibabalik ko sa kanilang lupain ang aking bayan. Itatayo nilang muli ang kanilang mga lunsod na nawasak, at doon sila maninirahan. Tatamnan nilang muli ang mga ubasan at sila'y iinom ng alak. Magtatanim silang muli sa mga halamanan at kakain ng mga bunga niyon.

15Ibabalik ko ang Israel sa lupaing ibinigay ko sa kanila, at hindi na sila maaalis pang muli roon.” Si Yahweh na inyong Diyos ang nagsasalita.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Obadias

## Obadias 1

1Ang aklat na ito ay naglalaman ng pangitaing ibinigay ng Panginoong Yahweh kay Propeta Obadias tungkol sa Edom.

### Paparusahan ni Yahweh ang Edom

May narinig kaming ulat buhat sa Panginoong Yahweh; may isang sugo na ipinadala sa mga bansa: "Humanda kayo at ang Edom ay salakayin!"

2Sinabi ni Yahweh sa Edom, "Gagawin kitang pinakamahinang bansa, at kamumuhian ka ng lahat ng mga tao.

3Nilinlang ka ng iyong kayabangan; dahil ang kapitolyo mo'y nakatayo sa batong buháy; dahil ang tahanan mo'y nasa matataas na kabundukan. Kaya't sinasabi mo, 'Sinong makakapagpabagsak sa akin?'"

4Kasintaas man ng pugad ng agila ang iyong bahay, o maging ang mga bituin man ay iyong kapantay, hahatakin kitang pababa at ikaw ay babagsak.

5"Kung sa gabi'y dumating ang magnanakaw, ang kinukuha lamang nila'y ang kanilang magustuhan. Kapag ang mga tao'y namimitas ng ubas, kahit kaunting bunga'y nagtitira sila. Ngunit ang mga kaaway mo'y walang ititira kahit isa.

6O lahi ni Esau, ang yaman mo'y sasamsamin; at ang lahat ng sa iyo'y kukuhanin.

7Nilinlang ka ng iyong mga kapanalig, itinaboy ka mula sa iyong lupain. Nasasakop ka na ngayon ng iyong mga kakampi. Ang iyong mga kaibigang noo'y kasalo, ngayo'y naglagay ng patibong para sa iyo; at kanila pang sinasabi, 'Nasaan na ang kanyang katusuhan?'"

8Sinabi ni Yahweh: "Darating ang araw na paparusahan ko ang Edom, lilipulin ko ang kanyang mga matatalinong tao, at ang kaalaman nila'y aking papawiin.

9Mga mandirigma ng Teman ay pawang nasisindak, at ang mga kawal ng Edom ay malilipol na lahat.

### Bakit Pinarusahan ang Edom

10"Dahil sa ginawa mong karahasan sa angkan ng kapatid mong si Jacob, sa kahihiya'y malalagay ka, at mahihiwalay sa akin magpakailanman.

11Pinanood mo lamang sila, nang araw na pasukin ng mga kaaway. Kasinsama ka ng mga dayuhan na nananamsam at naghahati-hati sa kayamanan ng Jerusalem na kanilang tinangay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Hindi mo dapat ikinatuwa ang kapahamakang sinapit ng iyong mga kapatid sa lupain ng Juda. Hindi ka dapat nagalak sa araw ng kanilang pagkawasak; hindi ka dapat naging palalo sa araw ng kanilang kasawian.

13Hindi mo dapat pinasok ang lunsod ng aking bayan, ni pinagtawanan ang kanilang kasawian. At sinamsam mo pa ang kanilang kayamanan sa panahon ng kanilang kapahamakan.

14Hindi ka dapat nag-abang sa mga sangang-daan upang ang mga pugante doon ay hadlangan. Hindi mo na dapat sila ibinigay sa kalaban sa araw na iyon ng kanilang kapahamakan.

**Hahatulan ng Diyos ang mga Bansa**

15“Malapit na ang araw ng aking paghatol sa lahat ng bansa,” sabi ni Yahweh. “Ang ginawa mo Edom, sa iyo'y gagawin din; ang ibinigay mo sa iba, siya mo ring tatanggapin.

16Sa banal na bundok ko ay nalasap ng aking bayan ang mapait na alak na sa kanila'y kaparusahan. Ngunit ang mga bayan na dito'y nakapaligid, higit na parusa ang kanilang matitikman; iinom sila nito at lubos na mapaparam.

**Ang Tagumpay ng Israel**

17“Ngunit sa Bundok Zion ay may ilang makakatakas, at ang bundok na ito'y magiging banal na dako. Muling aariin ng lahi ni Jacob ang lupaing sa kanila ay ipinagkaloob.

18At maglalagablab naman ang lahi ni Jose. Lilipulin nila ang lahi ni Esau, at susunugin ito na parang dayami. Walang matitira isa man sa kanila. Akong si Yahweh ang maysabi nito.

19“Sasakupin ng mga taga-Negeb ang Bundok ng Edom. Sasakupin ng mga nasa kapatagan ang lupain ng mga Filisteo. Makukuha nila ang lupain ng Efraim at Samaria. Ang Gilead nama'y sasakupin ng lahi ni Benjamin.

20Magbabalik ang hukbong binubuo ng mga dinalang-bihag, sila na nagmula sa hilagang Israel. Sila ang sasakop sa lupain ng Fenicia hanggang sa Zarefat doon sa hilaga. Ang mga taga-Jerusalem na itinapon sa Sardis ang siya namang sasakop sa mga lunsod sa timog ng Juda.

21Ang matagumpay na hukbo ng Jerusalem, sasalakay sa Edom at doo'y mamamahala. Si Yahweh mismo ang doo'y maghahari.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Jonas

## Jonas 1

### Pinagtaguan ni Jonas si Yahweh

1Ang aklat na ito ay naglalaman ng mensahe ni Yahweh sa pamamagitan ni Jonas na anak ni Amitai. Isang araw, sinabi sa kanya ni Yahweh:

2“Pumunta ka sa Nineve na isang malaking lunsod, at sabihin mo sa mga tagaroon na umabot na sa aking kaalaman ang kanilang kasalanan.”

3Sa halip na sumunod, ipinasya ni Jonas na takasan si Yahweh. Nagtungo siya sa Joppa, at doon ay nakatagpo ng isang barkong patungong Tarsis. Pagkatapos na magbayad ng pamasahe, sumakay siya sa barko upang maglakbay kasama ng iba pang mga pasahero patungong Tarsis. Sa ganitong paraan ay inakala niyang makakatakas siya kay Yahweh.

4Ngunit nang sila'y nasa laot na, nagpadala si Yahweh ng isang malakas na bagyo kaya't halos mawasak ang barko.

5Dahil dito, labis na natakot ang mga tripulante kaya't silang lahat ay humingi ng tulong sa kani-kanilang diyos. Pagkatapos, inihulog nila sa dagat ang mga kargamento para gumaan ang sasakyan. Samantala, si Jonas naman ay mahimbing na natutulog sa isang sulok sa ibabang palapag ng barko.

6Nakita siya ng kapitan at ginising, “Ano't nagagawa mo pang matulog? Bumangon ka't manalangin sa iyong diyos, baka sakaling kaawaan niya tayo at iligtas sa kamatayan.”

7Nag-usap-usap ang mga tripulante, “Magpalabunutan tayo, para malaman natin kung sino ang dahilan ng lahat ng ito.” Gayon nga ang kanilang ginawa at nabunot ang pangalan ni Jonas.

8Kaya't siya'y kinausap nila, “Sabihin mo sa amin kung sino ang dapat sisihin sa nangyayaring ito. Anong ginagawa mo rito? Saang bansa ka galing? Tagasaan ka at anong lahi mo?”

9Sumagot si Jonas, “Ako ay isang Hebreo at sumasamba ako kay Yahweh, ang Diyos ng kalangitan na lumikha ng dagat at ng lupa.”

10Sinabi ni Jonas na tinakasan niya si Yahweh. Nakadama ng matinding takot ang mga nakarinig kaya sinabi nila kay Jonas, “Napakalaking kasalanan ang ginawa mo!”

11Lalong lumakas ang bagyo, kaya tinanong nila si Jonas, “Ano ang dapat naming gawin sa iyo para pumayapa ang dagat?”

12“Ihagis ninyo ako sa dagat at papayapa ito. Alam kong ako ang dahilan kaya nagkaroon ng ganito kalakas na bagyo,” sagot niya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Gayunpaman, sinikap ng mga tripulante na itabi ang barko, ngunit wala silang magawâ sapagkat lalong lumalakas ang bagyo.

14Kaya't nanalangin sila kay Yahweh nang ganito: "Yahweh, huwag po ninyo kaming hayaang mamatay dahil sa gagawin namin sa taong ito. Huwag po ninyo kaming parusahan kung mamatay man ang taong ito. Kayo po Yahweh ang may pananagutan dito."

15Pagkasabi nito, binuhat nila si Jonas at inihagis sa dagat. Agad namang pumayapa ang dagat.

16Dahil dito, nagkaroon sila ng matinding takot kay Yahweh kaya't sila'y nag-alay ng handog at nangakong maglilingkod sa kanya.

17Sa utos ni Yahweh, nilamon si Jonas ng isang dambuhalang isda at siya'y nanatili ng tatlong araw at tatlong gabi sa tiyan nito.

## Jonas 2

### Ang Panalangin ni Jonas

1Habang si Jonas ay nasa tiyan ng isda, nanalangin siya ng ganito:

2"Yahweh, nang ako'y nasa kagipitan, nanalangin ako sa inyo, at sinagot ninyo ako. Mula sa daigdig ng mga patay ako'y tumawag sa inyo, at dininig ninyo ako.

3Itinapon ninyo ako sa kalaliman; sa pusod ng karagatan. Nabalot ako ng malakas na agos ng tubig, at malalaking alon ang sa akin ay tumabon.

4Akala ko'y malayo na ako sa inyo, at hindi ko na kailanman makikitang muli ang banal mong Templo.

5Hinigop ako ng kalaliman, hanggang sa tuluyang lumubog; napuluputan ang aking ulo ng mga halamang dagat.

6Ako'y bumabâ sa paanan ng mga bundok, sa libingan ng mga patay. Ngunit mula roo'y buháy akong iniahon, O Yahweh.

7Nang maramdaman kong malalagot na ang aking hininga, naalala ko kayo, Yahweh. Ako'y nanalangin, at mula sa banal ninyong Templo, ako'y inyong narinig.

8Ang mga sumasamba sa mga diyus-diyosan ay hindi naging tapat sa inyo.

9Ngunit aawit ako ng pasasalamat at sa inyo'y maghahandog; tutuparin ko ang aking mga pangako, O Yahweh na aking Tagapagligtas!"

10Pagkatapos, inutusan ni Yahweh ang isda na iluwa si Jonas sa dalampasigan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

## Jonas 3

### Si Jonas sa Nineve

1 Muling sinabi ni Yahweh kay Jonas,

2 “Pumunta ka sa Lunsod ng Nineve at ipahayag mo ang mga ipinapasabi ko sa iyo.”

3 Nagpunta nga si Jonas sa Nineve. Malaki ang lunsod na ito; aabutin ng tatlong araw kung ito ay lalakarin.

4 Siya'y pumasok sa lunsod. Pagkaraan ng maghapong paglalakad, malakas niyang ipinahayag, “Gugunawin ang Nineve pagkaraan ng apatnapung araw!”

5 Naniwala ang mga tagaroon sa pahayag na ito mula sa Diyos. Kaya, nag-ayuno silang lahat at nagdamit ng panluksa bilang tanda ng lubos na pagsisisi at pagtalikod sa kanilang mga kasalanan.

6 Nang mabalitaan ito ng hari ng Nineve, bumabâ siya sa kanyang trono, naghubad ng balabal, nagdamit ng panluksa at naupo sa abo.

7 At ipinasabi niya sa mga taga-Nineve, “Ito'y utos ng hari at ng kanyang mga pinuno. Walang dapat kumain ng anuman. Wala ring iinom, maging tao o hayop.

8 Lahat ng tao at hayop ay magdamit ng panluksa. Taimtim na manalangin sa Diyos ang bawat isa. Pagsisihan ng lahat ang nagawa nilang kasalanan at iwan ang masamang pamumuhay.

9 Baka sa paraang ito'y mapawi ang galit ng Diyos, magbago siya ng kanyang pasya at hindi na niya ituloy ang balak na pagpatay sa atin.”

10 Nakita ng Diyos ang kanilang pagtalikod sa kasamaan kaya hindi na niya pinarusahan ang mga ito tulad ng kanyang naunang sinabi.

## Jonas 4

### Nagalit si Jonas Dahil sa Pagkahabag ng Diyos

1 Ngunit dahil dito, nalungkot si Jonas at siya'y nagalit sapagkat hindi niya nagustuhan ang pagpapatawad ng Diyos sa Nineve.

2 Kaya't siya'y nanalangin, “O Yahweh, hindi ba bago pa ako magpunta rito ay sinabi kong ganito nga ang gagawin ninyo? At ito ang dahilan kaya ako tumakas patungong Tarsis! Alam kong kayo ay Diyos na mahabagin at mapagmahal, hindi madaling magalit at wagas ang pag-ibig. Alam kong lagi kayong handang magpatawad.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

3Mabuti pang mamatay na lang ako, Yahweh. Mas gugustuhin ko pang mamatay kaysa mabuhay."

4Sumagot si Yahweh, "Anong ikinagagalit mo, Jonas?"

5Pagkasabi nito, lumakad si Jonas papunta sa silangan ng lunsod at naupo. Gumawa siya ng isang silungan at doon hinintay kung ano ang mangyayari sa lunsod.

6Pinatubo ng Diyos na si Yahweh sa may tabi ni Jonas ang isang malagong halaman na nagbibigay ng lilim sa kanya. Labis naman itong ikinagalak ni Jonas.

7Ngunit kinabukasan, ang halaman ay ipinasira ng Diyos sa isang uod at ito'y natuyo.

8Sumikat nang matindi ang araw at umihip ang nakakapasong hangin; halos mahilo si Jonas sa tindi ng init. Kaya sinabi niya, "Mabuti pang mamatay na ako."

9Sinabi sa kanya ng Diyos, "Dapat ka bang magalit dahil sa nangyari sa halaman?" Sumagot siya, "Opo, nagagalit po ako. Gusto ko nang mamatay."

10Sinabi ni Yahweh, "Tumubo ang halamang iyon, lumago sa loob ng magdamag, at namatay kinabukasan. Wala kang hirap diyan ngunit nalungkot ka nang iyan ay mamatay.

11Ako pa kaya ang hindi malulungkot sa kalagayan ng Nineve? Ito'y isang malaking lunsod na tinitirhan ng mahigit na 120,000 taong hindi alam kung ano ang mabuti o ang masama, bukod pa sa maraming kawan!"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mikas

## Mikas 1

1Ang aklat na ito ay naglalaman ng mga pahayag ni Mikas na isang taga-Moreset. Noong panahon ng paghahari sa Juda ni Haring Jotam, Haring Ahaz, at Haring Hezekias, sinabi sa kanya ni Yahweh ang mga pahayag tungkol sa Samaria at sa Jerusalem.

**Pagdadalamhati para sa Samaria at sa Jerusalem**

2Pakinggan ninyo ito, mga bansa, kayong lahat na naninirahan sa buong daigdig. Ang pahayag ng Panginoong Yahweh laban sa inyo ay pakinggan. Siya'y nagsasalita buhat sa kanyang banal na templo.

3Lalabas si Yahweh mula sa kanyang dakong banal. Bababâ at maglalakad sa mga sagradong bundok.

4Sa sandaling yapakan niya ang mga bundok, ang mga ito'y matutunaw. At ang mga libis ay mabibiyak na gaya ng kandilang nadarang sa init ng apoy, gaya ng tubig na aagos mula sa burol.

5Ang lahat ng ito'y magaganap dahil sa pagsuway ng lahi ni Jacob, dahil sa mga kasalanan ng sambahayan ni Israel. Sino ang dapat sisihin sa paghihimagsik ng Israel? Walang iba kundi ang Samaria! Sino ang sumamba sa mga diyus-diyosan? Walang iba kundi ang mga taga-Jerusalem!

6Kaya't sinabi ni Yahweh, “Gigibain ko ang Samaria at lubusang iguguho, hanggang siya'y maging isang bunton ng lupa, na angkop lamang pagtaniman ng ubas. Paguguhuin ko papunta sa libis ang kanyang mga bato, at wawasakin ko ang kanyang mga pundasyon.

7Madudurog ang lahat ng imahen doon; masusunog ang lahat ng ibinabayad ng mga sumasamba roon. At ang mga diyus-diyosan doon ay mawawasak; sapagkat ang mga ito'y bayad sa mga upahang babae ng mga sumasamba sa mga diyus-diyosan, kaya't iyon ay tatangayin ng kanilang mga kaaway.”

8Dahil dito'y mamimighati ako at tatangis. Lalakad akong hubad at nakayapak. Mananaghoy akong gaya ng mga asong-gubat, at mananangis na tulad ng mga kuwago.

9Sapagkat ang sugat ng Samaria ay hindi na gagaling. Ito rin ay kakalat sa buong Juda; papasok sa pinto ng Jerusalem na tirahan ng aking bayang pinili.

**Ang Pagpasok ng mga Kaaway sa Jerusalem**

10Huwag ninyong ibalita sa Gat ang ating pagkatalo. Huwag ninyong ipapakita sa kanya ang inyong pagtangis. Sa bayan ng Afra kayo maglupasay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

11Mga taga-Safir, magpabihag kayo, at hayaan ninyong kayo'y itapong nakahubad at kahiya-hiya ang kalagayan. Mga taga-Zaanan, huwag kayong umalis sa inyong lunsod. Sa pamimighati ng Bethezel, malalaman ninyong hindi na ito maaaring pagkanlungan.

12Ang mga taga-Marot ay nababalisang hinihintay ang saklolo, sapagkat malapit na sa Jerusalem ang kapahamakang ipinadala ni Yahweh.

13Kayong mga taga-Laquis, isingkaw ninyo sa mga karwahe ang mabibilis na kabayo. Sapagkat tinularan ninyo ang mga kasalanan ng Israel, at kayo ang nag-akay upang magkasala ang Jerusalem.

14At ngayon, mga taga-Juda, magpaalam na kayo sa bayan ng Moreset-Gat. Walang maaasahang tulong ang mga hari ng Israel mula sa bayan ng Aczib.

15Mga taga-Maresa, ipapasakop kayo ni Yahweh sa inyong kaaway. Ang mga pinuno ng Israel ay tatakas at magtatayo sa yungib ng Adullam.

16Mga taga-Juda, gupitin ninyo ang inyong buhok bilang pagluluksa sa mga anak ninyong minamahal. Ahitan ninyo ang inyong mga ulo gaya ng mga agila, sapagkat ang mga anak ninyo'y inagaw at dinalang-bihag.

## Mikas 2

### Sumpa sa mga Mapang-api

1Kakila-kilabot ang mangyayari sa mga hindi na natutulog dahil sa pagbabalak ng kasamaan at maagang bumabangon upang agad itong isagawa sa sandaling magkaroon ng pagkakataon.

2Kapag nagustuhan nila ang lupa ng may-lupa, kinakamkam nila ito. Inaapi nila ang mga tao sa pamamagitan ng pandaraya upang maalipin nila ang pamilya ng mga ito at masamsam ang kanilang mga ari-arian.

3Kaya nga, sinasabi ni Yahweh, “Paparusahan ko ang sambahayang ito, at walang sinumang makakatakas dito. Hindi na kayo muling makapagmamataas pagkaraan ng araw ng inyong kapahamakan.

4Sa araw na iyon ay kukutyain kayo ng inyong mga kaaway sa pamamagitan ng pag-awit tungkol sa inyong kasawian: ‘Ganap na kaming nawasak; inalis na ni Yahweh ang aming karapatan sa mga lupaing bahagi ng aming sambahayan at pinaghati-hati ang mga ito sa mga bumihag sa amin.’”

5Kaya't kapag dumating na ang panahong ibabalik na ni Yahweh ang lupain sa kanyang bayan, wala na kayong bahagi dito.

6Sasabihin nila, “Huwag kang magpahayag. Huwag mong ipahayag ang gayong mga bagay. Hindi kami ilalagay ng Diyos sa kahihiyan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[7]Sa palagay mo ba'y hinahatulan ang sambayanan ng Israel? Ubos na ba ang pasensiya ni Yahweh? Talaga bang magagawa niya iyon? Hindi ba't mabait siya sa mga gumagawa ng matuwid?”

[8]Sumagot si Yahweh, “Subalit sinasalakay ninyo na parang kaaway ang aking bayan. Nagsisiuwi sila mula sa digmaan na ang akala'y ligtas sila sa kanilang bayan. Ngunit naroon pala kayo at naghihintay upang sila'y hubaran.

[9]“Itinaboy ninyo ang mga kababaihan ng aking bayan mula sa kanilang mga tahanang pinagyayaman. Lubusan ninyong pinagkait ang aking pagpapala sa kanilang mga anak.

[10]Maghanda kayo at umalis dito; hindi na ligtas ang dakong ito para sa inyo. Sinumpa na ng inyong mga kasalanan ang dakong ito at ito'y wawasakin.

[11]“Ang gusto nilang propeta ay iyong nagpapahayag ng kasinungalingan at pandaraya at nagsasabing, ‘Sasagana kayo sa alak.’

[12]“Gayunman, darating ang panahon na kayong mga naiwan sa Israel ay titipunin ko. Pagsasama-samahin ko kayo, tulad ng mga tupa sa kawan. Gaya ng pastulang puno ng mga tupa, ang inyong lupain ay mapupuno ng mga tao.”

[13]Magbubukas ang Diyos ng daan para sa kanila at palalayain sila mula sa pagkabihag. Magtatakbuhan silang palabas sa mga pintuang lunsod at magiging malaya. Si Yahweh mismo na kanilang hari ang sa kanila'y mangunguna.

## Mikas 3

### Ang mga Katiwalian ng mga Pinuno sa Israel

[1]At sinabi ko, “Makinig kayo, lahat ng mga pinuno ng Israel! Katarungan ang dapat ninyong pairalin.

[2]Ngunit ayaw ninyo ng mabuti at ang nais ninyo'y kasamaan. Binabalatan ninyo nang buháy ang aking bayan at unti-unting hinihimay ang kanilang mga laman.

[3]Kinakain ninyo ang kanilang laman, binabakbak ang kanilang balat, binabali ang mga buto, at tinatadtad na parang karneng iluluto.

[4]Darating ang araw na kayo'y dadaing kay Yahweh, ngunit hindi niya kayo tutugunin. Hindi niya kayo papakinggan dahil sa inyong mga kasamaang ginawa.”

[5]Ganito ang sinasabi ni Yahweh tungkol sa mga bulaang propeta na naging dahilan ng pagkaligaw ng bayang Israel: “Nangangako sila ng kapayapaan sa mga nagsusuhol sa kanila, ngunit pinagbabantaan nilang didigmain ang ayaw magsuhol sa kanila.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[6]“Sasapit ang gabi ngunit hindi kayo magkakaroon ng pangitain; lalaganap ang dilim subalit hindi kayo tatanggap ng pahayag mula sa Diyos. Lulubog na ang araw para sa mga propeta; malagim ang kahihinatnan nila.

[7]Mapapahiya ang mga manghuhula, pagtatawanan ang kanilang mga pahayag, sapagkat hindi na sila sinasagot ng Diyos.

[8]“Subalit ako'y puspos ng kapangyarihan, ng espiritu ni Yahweh, ng katarungan at kapangyarihan upang ipahayag sa mga Israelita ang kanilang mga kasalanan.

[9]Makinig kayo, lahat ng mga pinuno ng Israel. Nasusuklam kayo sa katarungan at binabaluktot ninyo ang katuwiran!

[10]Itinayo ninyo ang Zion sa pamamagitan ng pagpatay; itinatag ninyo ang Jerusalem sa pamamagitan ng kasamaan.

[11]Ang kanyang mga pinuno'y nagpapasuhol muna bago humatol, nagpapaupa ang mga pari para magturo, at ang mga propeta nama'y nanghuhula dahil sa salapi. Gayunman, umaasa sila kay Yahweh at sinasabi, ‘Nasa kalagitnaan natin si Yahweh kaya walang kasamaang darating sa atin.’”

[12]Kaya't dahil sa inyo, ang Zion ay bubungkalin tulad ng isang bukirin, magiging isang bunton ng gumuhong bato ang Jerusalem, at ang burol na kinatatayuan ng Templo'y magiging gubat.

## Mikas 4

### Ang Pag-iral ng Kapayapaan sa Daigdig

[1]Darating ang panahon, na ang bundok na kinatatayuan ng Templo ni Yahweh ay mamumukod sa kataasan sa lahat ng bundok. Higit itong dadakilain kaysa lahat ng burol, at dudulog dito ang maraming bansa.

[2]Daragsa ang maraming tao at sasabihin nila, “Halikayo, tayo na sa bundok ni Yahweh, sa templo ng Diyos ni Jacob, upang malaman natin ang nais niyang gawin natin at matuto tayong lumakad sa kanyang landas. Sapagkat magmumula sa Zion ang katuruan, at sa Jerusalem ang salita ni Yahweh.”

[3]Siya ang mamamagitan sa mga bansa, at magpapairal ng katarungan sa lahat ng lahi. Kaya't gagawin nilang talim ng araro ang kanilang mga tabak, at karit naman ang kanilang mga sibat. Mga bansa'y di na mag-aaway, at sa pakikidigma'y di na magsasanay.

[4]Sa halip, bawat tao'y mamumuhay nang payapa sa kanyang ubasan at mga puno ng igos. Wala nang babagabag sa kanila, sapagkat ito ang pangako ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Kahit na magpatuloy sa pagsamba sa kanilang mga diyus-diyosan ang lahat ng bansa, kami'y kay Yahweh na aming Diyos lamang sasamba magpakailanman.

### Matutubos sa Pagkabihag ang Israel

6Sinabi pa ni Yahweh, “Darating ang panahong titipunin ko ang mga napilayan at ang mga binihag, gayundin ang aking mga pinarusahan.

7Ang mga pilay na nalabi ay bibigyan ko ng bagong buhay, at ang mga itinapon ay gagawin kong isang malakas na bansa. Akong si Yahweh, ang maghahari sa kanila buhat sa Bundok ng Zion sa araw na iyon at magpakailanman.”

8At tungkol naman sa iyo, burol ng Zion, kung saan binabantayan ng Diyos ang kanyang bayan gaya ng isang pastol, ikaw ay muling magiging sentro ng kaharian katulad noon.

9Bakit ka dumaraing nang malakas? Wala na bang haring mangunguna sa iyo? Namatay na ba ang tagapayo mo, kaya't namimilipit ka sa sakit tulad ng isang babaing malapit nang manganak?

10Mamilipit kayo't dumaing dahil sa matinding sakit, mga taga-Jerusalem, sapagkat aalis kayo sa lunsod at maninirahan sa kabukiran. Itatapon kayo sa Babilonia ngunit kukunin muli roon; ililigtas kayo ni Yahweh mula sa kamay ng inyong mga kaaway.

11Maraming bansa ang nag-aabang upang salakayin ka. Sinabi nila, “Wasakin natin ang Zion. Panoorin natin ang kanyang pagkawasak.”

12Ngunit hindi nila alam ang iniisip ni Yahweh, hindi nila nauunawaan ang kanyang layunin. Sila'y kanya lamang tinitipon upang parusahan, gaya ng ginapas na trigo, upang dalhin sa giikan.

13Mga taga-Jerusalem, humanda kayo at parusahan ninyo ang inyong mga kaaway. Gagawin ko kayong kasinlakas ng isang toro na ang sungay ay bakal, at tanso naman ang mga paa. Dudurugin ninyo ang maraming bansa, ang mga kayamanang nasamsam ninyo ay ihahandog ninyo sa akin na Panginoon ng buong mundo.

## Mikas 5

1Mga taga-Jerusalem, tipunin ninyo ang inyong mga hukbo sapagkat kinukubkob na tayo ng mga kaaway. Sinasalakay na nila ang pinuno ng Israel!

### Ang Paghahari ng Tagapagpalaya

2Sinabi ni Yahweh, “Ngunit ikaw, Bethlehem Efrata, bagama't pinakamaliit ka sa mga angkan ng Juda ay magmumula sa iyong angkan ang isang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

mamumuno sa Israel. Ang kanyang pinagmulan ay buhat pa noong una, noong unang panahon pa."

3Kaya nga, ang bayan ni Yahweh ay ibibigay niya sa kamay ng mga kaaway hanggang sa isilang ng babae ang sanggol na mamumuno. Pagkatapos, ang mga Israelitang binihag ng ibang bansa ay kanyang ibabalik sa kanilang mga kababayan.

4Pagdating ng pinunong iyon, pamamahalaan niya ang kanyang bayan sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Yahweh sapagkat taglay niya ang kadakilaan ng pangalan ni Yahweh na kanyang Diyos. At ang Israel ay mamumuhay na ligtas, sapagkat kikilalanin ng buong daigdig ang haring iyon.

5At sa kanya magmumula ang kapayapaan.

**Ang Pagliligtas at ang Pagpaparusa**

Kapag dumating ang mga taga-Asiria upang sakupin ang ating lupain, magsusugo tayo ng sapat na bilang ng pinakamalalakas na pinunong lalaban sa kanila.

6Sa pamamagitan ng mga sandata ay tatalunin nila ang Asiria na lupain ni Nimrod at ipagtatanggol nila tayo kapag sumalakay ang mga taga-Asiria.

7Ang mga nakaligtas na Israelita ay maninirahan sa maraming mga bansa. Matutulad sila sa hamog na mula kay Yahweh at para silang ulan na dumidilig sa damuhan. Sa Diyos sila aasa at hindi sa tao.

8At ang mga Israelitang naiwan sa mga bansa ay magiging parang leon na maghahanap ng pagkain sa kagubatan. Lulusubin nila ang mga kawan ng tupa, at lalapain sila; walang sinumang makakapagligtas sa mga tupa.

9Sasakupin at papatayin ng Israel ang kanyang mga kaaway.

10"At sa araw na iyon," sabi ni Yahweh, "aalisan ko kayo ng mga kabayo at sisirain ko ang inyong mga karwahe.

11Gigibain ko ang inyong mga lunsod at ibabagsak ang matitibay ninyong tanggulan.

12Wawasakin ko ang inyong mga agimat at mawawala na rin ang mga manghuhula.

13Wawasakin ko ang inyong mga diyus-diyosan at mga haliging itinuturing ninyong sagrado, at hindi na kayo sasamba sa ginawa ng inyong mga kamay.

14Dudurugin ko rin ang inyong mga diyus-diyosang Ashera at iguguho ang inyong mga lunsod.

15Ibabagsak ko sa inyo ang aking poot, at isasagawa ang aking paghihiganti sa mga bansang hindi sumunod sa akin."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mikas 6

### Ang Paratang sa Israel

1 Pakinggan ninyo ang paratang ni Yahweh laban sa Israel. Tumayo kayo, O Yahweh, at ilahad ninyo ang inyong paratang. Hayaan ninyong marinig ng mga bundok at ng mga burol ang inyong sasabihin.

2 Mga bundok, mga di natitinag na pundasyon ng daigdig, pakinggan ninyo ang paratang ni Yahweh laban sa Israel na kanyang bayan.

3 Sinabi niya, “Bayan ko, sagutin ninyo ako. Ano ba ang nagawa ko sa inyo? Paano ba ako naging pabigat sa inyo?

4 Inilabas ko kayo sa lupain ng Egipto at tinubos sa pagkaalipin. Isinugo ko sa inyo sina Moises, Aaron at Miriam upang kayo'y pangunahan.

5 Bayan ko, gunitain ninyo ang plano ni Balac na hari ng Moab, at ang tugon sa kanya ni Balaam na anak ni Beor, at ang nangyari mula sa Sitim hanggang sa Gilgal. Alalahanin ninyo ang mga ito at malalaman ninyo ang ginawa ni Yahweh upang iligtas kayo.”

### Ang Hinihingi ni Yahweh

6 Ano ang dapat kong dalhin sa aking pagsamba kay Yahweh, ang Diyos ng kalangitan? Magdadala ba ako ng guyang isang taon ang gulang bilang handog na sinusunog sa kanyang harapan?

7 Malugod kaya siya kung handugan ko ng libu-libong tupa o umaapaw na langis ng olibo? Ihahandog ko ba sa kanya ang aking anak na panganay, ang laman ng aking laman, bilang kabayaran ng aking mga kasalanan?

8 Itinuro na niya sa iyo, kung ano ang mabuti. Ito ang nais ni Yahweh: Maging makatarungan ka sa lahat ng bagay, patuloy mong mahalin ang iyong kapwa, at buong pagpapakumbabang sumunod ka sa iyong Diyos.

9 Mainam ang magkaroon ng takot kay Yahweh. Ito ang kanyang panawagan sa lunsod: “Makinig kayo, bayang nagtitipun-tipon sa lunsod!

10 Sa mga bahay ng masasamang tao ay matatagpuan ang mga kayamanang nakuha nila sa masamang paraan. Gumagamit sila ng madayang takalan na aking kinasusuklaman.

11 Mapapatawad ko ba ang mga taong gumagamit ng madayang timbangan?

12 Mapang-api ang inyong mayayaman, at kayong lahat ay sinungaling. Ang kanilang dila'y mahusay sa panlilinlang.

13 Kaya't sinimulan ko na ang inyong pagbagsak at pagkawasak dahil sa inyong mga kasalanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

14Kayo'y kakain ngunit hindi mabubusog, sa halip; gutom pa rin ang inyong madarama. Mag-iimpok kayo ngunit wala ring mangyayari, at ang inyong inipon ay masisira sa digmaan.

15“Kayo'y maghahasik subalit hindi mag-aani. Magpipisa kayo ng olibo ngunit hindi makikinabang sa langis nito. Magpipisa kayo ng ubas ngunit hindi makakatikim ng alak na katas nito.

16Mangyayari ito dahil sumunod kayo sa masasamang gawain ni Haring Omri at ng kanyang anak na si Haring Ahab. Ipinagpatuloy ninyo ang kanilang mga patakaran kaya't wawasakin ko kayo at hahamakin kayo ng lahat. Kukutyain kayo ng lahat ng bansa.”

## Mikas 7

### Kabulukang Moral sa Israel

1Nakakalungkot ang nangyari. Ang katulad ko'y isang taong gutom. Naghahanap ng bungangkahoy ngunit walang makita ni isa man. Wala ni isang ubas o kaya'y isang igos na labis kong kinasasabikan.

2Wala nang natirang matapat sa Diyos sa lupain. Wala nang matuwid. Ang lahat ay nag-aabang ng mapapatay. Bawat isa'y naghahanda ng bitag laban sa kanyang kababayan.

3Bihasa sila sa paggawa ng kasamaan, ang pinuno at ang hukom ay humihingi ng suhol. Kasabwat nila sa paggawa ng masama ang mga kinikilalang tao ng bansa.

4Ang pinakamabuti sa kanila'y parang dawag, parang tinik. Dumating na ang araw ng pagpaparusa sa kanilang mga bantay. Nalalapit na ang araw ng pagkapahiya.

5Huwag kang magtiwala sa kapwa mo o sa iyong kaibigan. Huwag mong isisiwalat ang iyong lihim kahit sa iyong asawa.

6Lalapastanganin ng anak na lalaki ang kanyang ama, at lalabanan ng anak na babae ang kanyang ina. Aawayin ng manugang na babae ang kanyang biyenang babae. Ang kaaway ng isang tao'y ang kanya mismong kasambahay.

7Ngunit para sa akin, kay Yahweh ako mananalig. Hihintayin kong may pagtitiwala ang Diyos na magliligtas sa akin at ako'y kanyang diringgin.

### Ang Gagawing Pagliligtas ni Yahweh

8Mga kaaway ko, huwag kayong magalak dahil sa nangyari sa akin! Kung ako ma'y nadapa, muli akong babangon. Kung ako ma'y nasa kadiliman, tatanglawan ako ngayon ni Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Titiisin ko ang galit niya sapagkat nagkasala ako sa kanya. Magtitiis ako hanggang sa ipagtanggol niya ako at bigyan ng katarungan. Dadalhin niya ako sa kaliwanagan at makikita ko ang kanyang pagliligtas.

10Ito'y makikita ng aking kaaway, at mapapahiya siya na nagsabi sa akin, “Nasaan si Yahweh na iyong Diyos?” Makikita ko naman ang kanyang pagbagsak, at niyuyurakan siyang parang putik sa lansangan.

11Mga taga-Jerusalem, darating ang araw na itatayong muli ang inyong mga pader at lalong lalawak ang inyong nasasakupan.

12Sa araw na iyon ay babalik sa inyo ang mga tao buhat sa Asiria sa silangan hanggang sa Egipto, sa timog; buhat sa dakong ang hangganan ay ang Ilog Eufrates, mula sa malalayong dagat, at kabundukan.

13Ngunit magiging disyerto ang lupa dahil sa masasamang gawain ng mga naninirahan doon.

**Ang Pag-ibig ni Yahweh para sa Israel**

14Yahweh, patnubayan mong gaya ng isang pastol ang iyong bayan, ang bayan na iyong pinili. Bagama't sila'y nag-iisa sa ilang, napapalibutan naman sila ng masasaganang lupain. Hayaan mo silang manirahan at manginain sa sariwang pastulan ng Bashan at Gilead gaya noong unang panahon.

15Magpakita ka sa amin ng mga kamangha-manghang bagay tulad noong ilabas mo sa Egipto ang iyong bayan.

16Ito'y makikita ng mga bansa at sila'y mapapahiya sa kabila ng kanilang lakas. Mapapahiya sila at matitigilan. Tatakpan nila ang kanilang mga bibig at mga tainga.

17Gagapang silang parang mga ahas; nanginginig silang lalabas mula sa kanilang mga tanggulan. Takot na lalapit sila kay Yahweh na ating Diyos.

18Wala nang ibang diyos na tulad mo, O Yahweh. Pinapatawad mo ang mga kasalanan ng mga nakaligtas sa bayan mong pinili. Hindi nananatili ang iyong galit magpakailanman. Sa halip ay ipinadarama mo sa kanila ang tapat mong pag-ibig.

19Muli mo kaming kaaawaan. Tatapakan mo ang aming mga kasalanan at ihahagis sa kalaliman ng dagat.

20Patunayan mo ang iyong katapatan sa bayan ni Jacob at ang iyong pag-ibig sa angkan ni Abraham, gaya ng iyong ipinangako sa aming mga ninuno mula pa noong unang panahon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Nahum

## Nahum 1

1Ang aklat na ito ay naglalaman ng mga pahayag ni Yahweh patungkol sa Nineve sa pamamagitan ni Nahum na isang taga-Elcos.

**Ang Poot ni Yahweh sa Nineve**

2Si Yahweh ay Diyos na mapanibughuin at mapaghiganti; si Yahweh ay naghihiganti at napopoot. Si Yahweh ay Diyos na mapanibughuin; kanyang mga kaaway, kanyang pinaparusahan.

3Si Yahweh ay hindi madaling magalit subalit dakila ang kanyang kapangyarihan; at tiyak na mananagot ang sinumang sa kanya'y kumalaban. Bagyo at ipu-ipo ang kanyang dinaraanan; ang mga ulap ay kagaya lamang ng alikabok sa kanyang mga paa.

4Sa utos lamang niya'y natutuyo ang dagat, gayundin ang mga ilog. Natitigang ang kabukiran ng Bashan at ang Bundok Carmel, at nalalanta ang mga bulaklak ng Lebanon.

5Nayayanig sa harapan niya ang mga bundok, at gumuguho ang mga burol; ang lupa'y nayayanig sa presensya ni Yahweh, at nanginginig ang daigdig, gayundin ang lahat ng naninirahan rito.

6Sino ang makakaligtas sa galit ni Yahweh? Sino ang makakatagal sa kanyang matinding poot? Bumubugang parang apoy ang kanyang poot. Batong malalaki ay nadudurog dahil sa kanyang galit.

7Si Yahweh ay napakabuti; matibay na kanlungan sa panahon ng kaguluhan. Mga nananalig sa kanya'y kanyang inaalagaan.

8Tulad ng malaking baha, lubos niyang pupuksain ang kanyang mga kaaway, at tutugisin sila hanggang mamatay.

9Ano ang binabalak ninyo laban kay Yahweh? Wawasakin niya ang kanyang mga kaaway, at ang paghihiganti nila'y di na mauulit pa.

10Tulad ng mga lasenggo, sila'y malulunod sa alak; tulad ng sala-salabat na mga tinik at tuyong dayami, kayo ay matutupok sa apoy.

11Di ba sa inyo nagmula ang taong nagbalak ng masama at nanghikayat na magtaksil sa kanya?

12Sabi niya sa kanyang bansang Israel, “Kahit na malakas at marami ang mga taga-Asiria, mawawawasak sila at maglalaho. Kahit na pinahirapan ko kayo noon, ito'y hindi ko na uulitin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13At ngayon nga, wawakasan ko na ang pagpapahirap sa inyo ng Asiria at palalayain ko na kayo sa pagkaalipin."

14Ito ang pahayag ni Yahweh tungkol sa Asiria: "Malilipol ang lahi ninyo, wala nang magdadala ng inyong pangalan; aalisin ko sa mga templo ng inyong mga diyos ang mga imahen na nililok ng kamay. Ipaghahanda ko kayo ng libingan sapagkat wala kayong karapatang mabuhay."

15Masdan mo't dumarating na mula sa kabundukan ang tagapaghatid ng Magandang Balita! Nasa daan na siya upang ipahayag ang kapayapaan. Ipagdiwang ninyo, mga taga-Juda ang inyong mga kapistahan, at tuparin ninyo sa Diyos ang mga ipinangako ninyo sa kanya. Hindi na kayo muling sasakupin ng masasama sapagkat lubusan na silang nawasak.

## Nahum 2

### Ang Pagbagsak ng Nineve

1Nineve, sinasalakay na kayo! Dumating na ang kapangyarihang wawasak sa inyo. Bantayan ninyo ang mga pader at ang daan! Maghanda kayo para sa labanan!

2Sapagkat papanumbalikin na ni Yahweh ang kadakilaan ng Israel, gaya noong panahong hindi pa sila nilulusob ng mga kaaway.

3Naghahanda na silang sumalakay, pula ang mga kalasag ng mga kawal, at pula rin ang kanilang kasuotan. Nagliliyab na parang apoy ang kanilang mga karwahe! Rumaragasa ang kanilang mga kabayong pandigma.

4Ang mga karwahe'y humahagibis sa mga lansangan, paroo't parito sa mga liwasan; parang naglalagablab na sulo ang mga ito, at gumuguhit na parang kidlat.

5Pagtawag sa mga pinuno'y nagkakandarapa sila sa paglapit. Nagmamadali nilang tinungo ang pader na tanggulan, upang ilagay ang pananggalang laban sa mantelet.

6Nabuksan na ang mga pintuan sa ilog, at ang mga tao sa palasyo ay nanginginig sa takot.

7Ang reyna ay dinalang-bihag, kaya't dinadagukan ng mga lingkod ang kanilang dibdib. Sila'y nag-iiyakan, gaya ng mga kalapating nananaghoy.

8Tulad ng tubig sa isang lawa na wasak ang pampang, ang mga tao'y mabilis na tumatakas mula sa Nineve. "Huminto kayo!" ang sigaw nila, ngunit kahit isa ay wala man lang lumingon.

9Samsamin ang pilak! Samsamin ang ginto! Ang lunsod ay puno ng kayamanan!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Wasak na ang Nineve! Iniwan na ng mga tao at ngayo'y mapanglaw na. Ang mga tao'y nasisindak, nanginginig ang mga tuhod; wala nang lakas, at putlang-putla sa takot.

11Wala na ang lunsod na parang yungib ng mga leon, ang dakong tirahan ng mga batang leon. Wala na rin ang dakong pinagtataguan ng inahing leon, ang lugar kung saan ligtas ang kanyang mga anak.

12Pinatay na ng leon ang kanyang biktima at nilapa ito para sa kanyang asawa at mga anak; napuno ng nilapang hayop ang kanyang tirahan.

13“Ako ang kalaban mo,” sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat. “Susunugin ko ang iyong mga karwahe at mamamatay sa digmaan ang mga kawal mo. Kukunin ko sa iyo ang lahat ng iyong sinamsam sa iba. Ang tinig ng iyong mga sugo ay hindi na maririnig kailanman.”

## Nahum 3

1Tiyak na ang iyong pagkawasak! Lunsod ng mga sinungaling at mamamatay-tao, puno ng kayamanang mananakaw at masasamsam.

2Lumalagapak ang mga latigo, dumadagundong ang mga gulong, humahagibis ang mga kabayo, rumaragasa ang mga karwahe!

3Sumusugod ang mga mangangabayo, kumikinang ang kanilang espada, kumikislap ang dulo ng sibat! Nakabunton ang mga bangkay, di mabilang ang mga patay, sa mga ito'y natatalisod ang mga nagdaraan!

4Ang Nineve ay katulad ng isang mahalay na babae, mapanukso at puno ng kamandag. Binighani niya ang ibang mga bansa at inalipin ang mga ito.

5Sinabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, “Paparusahan kita, Nineve! Huhubaran kita nang makita ka ng ibang mga bansa. Dahil dito'y mapapahiya ka.

6Tatabunan kita ng dumi, at gagawing hamak. Mandidiri sa iyo ang mga tao.

7Lalayuan ka ng lahat ng makakakita sa iyo. Sasabihin nila, ‘Wasak na ang Nineve! Sino ang magmamalasakit sa kanya? Sino ang aaliw sa kanya?’”

### Hindi Maipagtatanggol ng Nineve ang Kanyang Sarili

8Nakahihigit ka ba sa Tebez? Siya rin naman ay may ilog na nakapalibot gaya ng isang pader, ang Ilog Nilo na kanyang tanggulan.

9Pinangunahan niya ang Etiopia at Egipto, walang hanggan ang kanyang kapangyarihan; ang Libya ay kapanalig ng Tebez.

10Gayunma'y dinala siyang bihag ng kanyang kaaway. Ipinaghampasan sa mga panulukang daan ang kanilang mga anak. Ginapos ng tanikala ang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

magigiting nilang lalaki, at ang mga ito'y pinaghati-hatian ng mga bumihag sa kanila.

11Nineve, ikaw man ay malalasing at mahihilo. Sisikapin mo ring tumakas sa iyong mga kaaway.

12Ang lahat ng iyong kuta ay magiging parang mga puno ng igos na hinog na ang mga bunga. Kapag inuga ang mga puno, malalaglag ang mga bunga sa mismong bibig ng gustong kumain.

13Parang mga babae ang iyong mga hukbo, at ang iyong bansa ay hindi kayang magtanggol laban sa kaaway. Lalamunin ng apoy ang mga panara sa iyong mga pintuan.

14Mag-ipon ka na ng tubig para sa panahon ng pagkubkob sa iyo. Tibayan mo ang iyong mga tanggulan. Simulan mo na ang pagmamasa ng luwad, at hulmahin ang mga tisa.

15Anuman ang gawin mo, matutupok ka pa rin at mamamatay sa labanan. Malilipol ka tulad ng pananim na kinain ng mga balang. Magpakarami kang gaya ng mga balang!

16Pinarami mo ang iyong mangangalakal; higit pa sila sa mga bituin sa kalangitan! Ngunit wala na sila ngayon, tulad ng mga balang na nagbubuka ng kanilang mga pakpak upang lumipad palayo.

17Ang mga pinuno mo ay parang mga balang, na nakadapo sa mga pader kung malamig ang panahon, ngunit nagliliparan pagsikat ng araw, at walang nakakaalam kung saan sila pupunta.

18Ang mga pinuno mo'y patay na, Asiria, gayon din ang iyong mga maharlika. Nagkalat sa parang ang iyong mamamayan at walang magtipon sa kanila.

19Wala man lang gumamot sa iyong sugat na malubha at nagnanaknak. Lahat ng makabalita sa sinapit mo ay natutuwa't pumapalakpak, sapagkat ginawan mo silang lahat nang napakasama.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Habakuk

## Habakuk 1

[1]Ang aklat na ito ay naglalaman ng pahayag ni Yahweh sa pamamagitan ni Propeta Habakuk.

### Inireklamo ni Habakuk ang Kawalang-katarungan

[2]O Yahweh, hanggang kailan ako hihingi ng tulong sa inyo, bago ninyo ako dinggin, bago ninyo ako iligtas sa karahasan?

[3]Bakit puro kaguluhan at kasamaan ang ipinapakita mo sa akin? Sa magkabi-kabila'y nagaganap ang pagwasak at ang karahasan; laganap ang karahasan at ang labanan.

[4]Ang batas ay walang bisa at walang pakinabang, at hindi umiiral ang katarungan. Sa husgado ay laging natatalo ng masasama ang walang kasalanan, kaya't nababaluktot ang katarungan.

### Ang Tugon ni Yahweh

[5]Pagkatapos ay sinabi ni Yahweh sa kanyang bayan, “Masdan mo ang mga bansang nakapalibot sa iyo at mamamangha ka at magugulat sa iyong makikita. Hindi magtatagal at mayroon akong gagawing hindi mo paniniwalaan kapag nabalitaan mo.

[6]Papalakarin ko sa kapangyarihan ang mga taga-Babilonia— ang bansang kilala sa kalupitan at karahasan. Sinasalakay nila ang lahat ng dako ng daigdig upang sakupin ang lupaing hindi kanila.

[7]Naghahasik sila ng takot at sindak; ipinagmamapuri nila na sila mismo ang batas.

[8]Ang mga kabayo nila'y mas mabibilis kaysa mga leopardo, mas mababangis kaysa mga asong-gubat pagsapit ng gabi. Ang kanilang mga mangangabayo ay rumaragasa mula sa malalayong lupain; para silang mga agila na dumadagit sa kanilang biktima.

[9]Ang kanilang mga hukbo ay marahas na sumasalakay, at lahat ay nasisindak habang sila'y nananakop. Di mabilang na parang buhangin ang kanilang mga bihag.

[10]Hinahamak nila ang mga hari, at walang pinunong iginagalang. Pinagtatawanan lamang nila ang bawat muog, sapagkat ito'y kanilang nilulusob at madaling nakukuha.

[11]Pagkatapos ay nagpapatuloy silang parang malakas na hangin; walang dinidiyos kundi ang sarili nilang lakas.”

### Muling Dumaing si Habakuk

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12O Yahweh, kayo ay Diyos na walang hanggan. Kayo ang aking Diyos, banal at magpakailanman. O Yahweh, aking Diyos at tanggulan, pinili ninyo ang mga taga-Babilonia at sila'y inyong pinalakas. O Batong matibay, inilagay mo sila upang kami'y pahirapan, upang kami'y parusahan.

13Ngunit paano ninyo natitiis ang mga taksil at masasamang taong ito? Napakabanal ng inyong paningin upang masdan ang kasamaan. Hindi ninyo matitiis ang mga taong gumagawa ng mali. Bakit hindi kayo kumikibo gayong pinupuksa nila ang mga taong higit na mabuti kaysa kanila?

14Itinuturing mo ang mga tao na gaya ng mga isda, o gaya ng mga kulisap na walang mangunguna sa kanila.

15Binibingwit sila ng mga taga-Babilonia na wari'y isda. Itinataboy nila ang mga ito sa mga lambat, at pagkatapos ay nagsisigawan sa galak!

16Kaya't sinasamba pa nila ang kanilang mga lambat, at nag-aalay ng mga handog; sapagkat ito ang nagbibigay sa kanila ng karangyaan.

17Patuloy ba nilang gagamitin ang kanilang tabak at walang awang pupuksain ang mga bansa?

## Habakuk 2

### Ang Tugon ni Yahweh

1Aakyat ako sa bantayan at hihintayin ang sasabihin ni Yahweh sa akin, at ang tugon niya sa aking daing.

2Ito ang tugon ni Yahweh: “Isulat mo nang malinaw sa mga tapyas ng bato ang pangitaing ipahahayag ko sa iyo, upang sa isang sulyap ay mabasa agad at maipabatid ito.

3Isulat mo ito sapagkat hindi pa panahon upang ito ay maganap. Ngunit mabilis na lilipas ang panahon, at mangyayari ang ipinakita ko sa iyo. Bagama't parang mabagal ito, hintayin mo. Tiyak na mangyayari at hindi maaantala ito.

4Ito ang mensahe: “Ang hambog ay mabibigo sa kanyang pagmamataas, ngunit ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya.”

### Ang Kapahamakan ng mga Makasalanan

5Ang kayamanan ay mandaraya. Ang ganid sa salapi ay hindi makukuntento. Ang kanyang katakawan ay kasinlawak ng libingan, tulad ng kamatayan na walang kasiyahan. Kaya sinasakop niya ang mga bansa, upang maging kanya ang mga mamamayan.

6Darating ang araw na hahamakin ng mga nasakop ang mga sumakop sa kanila. Sasabihin nila, “Kinuha ninyo ang hindi sa inyo, kaya't kayo'y

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

mapapahamak! Hanggang kailan pa kayo magpapayaman, habang pinipilit na magbayad ang mga may utang sa inyo?”

7Biglang darating ang panahon na kayo naman ang mangungutang, at pipiliting magbayad ng interes. Darating ang inyong kaaway at sisindakin kayo. Pagnanakawan nila kayo!

8Sinalanta ninyo ang maraming bansa, iyan din ang gagawin sa inyo ng mga nakaligtas. Uusigin kayo dahil sa dugong inyong pinadanak, dahil sa inyong karahasan sa mga tao, sa daigdig at sa mga lunsod nito.

9Mapapahamak kayong mga nagpayaman ng inyong pamilya sa pamamagitan ng inyong mga ninakaw. Ngayo'y nagsisikap kayong ilayo sa kapahamakan at panganib ang inyong sambahayan.

10Ang inyong mga pagbabalak ang nagbigay ng kahihiyan sa inyong sambahayan. Winasak ninyo ang maraming bansa, kaya kayo naman ngayon ang wawasakin.

11Sisigaw laban sa inyo ang mga bato ng pader, at aalingawngaw sa buong kabahayan.

12Mapapahamak kayo! Nagtatag kayo ng lunsod sa pamamagitan ng kasamaan; itinayo ninyo ang bayan sa pamamagitan ng pagpatay.

13Ang mga sinakop ninyong bansa ay nagpakahirap sa walang kabuluhan, at lahat ng itinayo nila ay natupok sa apoy. Si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ang gumawa nito.

14Subalit ang buong mundo ay mapupuno ng mga taong kumikilala at dumadakila kay Yahweh, kung paanong ang karagatan ay napupuno ng tubig.

15Mapapahamak kayo! Pinainom ninyo ang inyong mga kalapit bansa, ng alak na tanda ng inyong pagkapoot. Nilasing ninyo sila at hiniya, nang inyong titigan ang kanilang kahubaran.

16Malalagay rin kayo sa kahihiyan at hindi sa karangalan. Iinom din kayo at malalasing. Ipapainom sa inyo ni Yahweh ang inyong kaparusahan, at ang inyong karangalan ay magiging kahihiyan.

17Hinubaran ninyo ang kagubatan ng Lebanon; ngayon, kayo naman ang huhubaran. Pinatay ninyo ang mga hayop doon; ngayo'y kayo naman ang sisindakin nila. Uusigin kayo dahil sa dugong inyong pinadanak, dahil sa inyong karahasan sa mga tao, sa daigdig at sa mga lunsod nito.

18Ano ang kabuluhan ng diyus-diyosan? Tao lamang ang gumawa nito, at pawang kasinungalingan ang sinasabi nito. Ano ang ginagawa nitong mabuti upang pagkatiwalaan ng gumawa? Ito ay isang diyos na hindi man lang makapagsalita.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[19]Mapapahamak kayo! Ginigising ninyo ang isang pirasong kahoy! Pinababangon ninyo ang isang bato! May maipapahayag ba sa inyo ang isang diyus-diyosan? Maaaring ito'y nababalot sa pilak at ginto, ngunit wala naman itong buhay.

[20]Si Yahweh ay nasa kanyang banal na templo, tumahimik ang lahat sa harapan niya. Manahimik ang buong sanlibutan sa kanyang presensya.

## Habakuk 3

### Ang Panalangin ni Habakuk

[1]Ito ay panalangin ni Propeta Habakuk:

[2]O Yahweh, narinig ko ang tungkol sa inyong ginawa, at ako'y lubos na humanga. Ulitin ninyo ngayon sa aming panahon ang mga dakilang bagay na ginawa ninyo noon. Maging mahabagin kayo, kahit kapag kayo'y nagagalit.

[3]Ang Diyos ay muling nanggaling sa Teman, ang Banal na Diyos ay nagmula sa kaparangan ng Paran. Laganap sa kalangitan ang kanyang kaluwalhatian, at puno ang lupa ng papuri sa kanya.

[4]Darating siyang sinliwanag ng kidlat, na gumuguhit mula sa kanyang kamay; at doon natatago ang kanyang kapangyarihan.

[5]Nagpapadala siya ng karamdaman at inuutusan ang kamatayan upang sumunod sa kanya.

[6]Huminto siya at nayanig ang lupa; sa kanyang sulyap ay nanginginig ang mga bansa. Ang mga walang hanggang bundok ay sumasambulat; ang walang hanggang kaburulan ay lumulubog— mga daang nilakaran niya noong unang panahon.

[7]Nakita kong natakot ang mga tao sa Cusan, at nanginig ang lahat sa lupain ng Midian.

[8]Nagagalit ba kayo dahil sa mga ilog, O Yahweh? Ang mga dagat ba ang sanhi ng inyong poot? Nakasakay kayo sa inyong mga kabayo, at magtatagumpay na lulan ng iyong karwahe, habang pinagtatagumpay ninyo ang inyong bayan.

[9]Binunot ninyo sa suksukan ang inyong pana, at inihanda ang inyong mga palaso. Biniyak ng inyong kidlat ang lupa.

[10]Nakita kayo ng mga bundok at sila'y nanginig; bumuhos ang malakas na ulan. Umapaw ang tubig mula sa kalaliman, at tumaas ang along naglalakihan.

[11]Ang araw at ang buwan ay huminto dahil sa bilis ng inyong pana at sibat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Galit na galit kayong naglakad sa buong daigdig, at sa tindi ng poot ninyo, ang mga bansa ay niyurakan.

13Lumabas kayo para iligtas ang inyong bayan, at ang haring pinili ninyo. Dinurog ninyo ang pinuno ng masasama, at nilipol na lahat ang kanyang tagasunod.

14Sinibat ninyo ang pinuno ng mga mandirigma, nang dumating sila na parang ipu-ipo upang kami'y pangalatin. Kagalakan nilang sakmalin nang palihim ang mga dukha.

15Niyurakan ninyo ang dagat sa pamamagitan ng inyong mga kabayo, at bumula ang malawak na karagatan.

16Narinig kong lahat ito at ako'y nanginig; nangatal ang aking mga labi dahil sa takot. Nanghina ang aking katawan, at ako'y nalugmok. Tahimik kong hihintayin ang takdang panahon ng pagpaparusa ng Diyos sa mga umapi sa amin.

17Bagama't di namumunga ang puno ng igos at hindi rin namumunga ang mga ubas, kahit na maantala ang pamumunga ng olibo at walang anihin sa mga bukirin, kahit na mamatay lahat ang mga tupa at mawala ang mga baka sa kulungan,

18magagalak pa rin ako at magsasaya, dahil si Yahweh ang Diyos na magliligtas sa akin.

19Ang Panginoong Yahweh ang sa aki'y nagpapalakas. Tulad ng usa, tiyak ang aking mga hakbang, inaalalayan niya ako sa mga kabundukan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Zefanias

## Zefanias 1

### Ang Araw ng Paghatol ni Yahweh

1Ang aklat na ito ay naglalaman ng mga pahayag ni Yahweh sa pamamagitan
ni Propeta Zefanias, anak ni Cusi at apo ni Gedalias; si Gedalias ay anak ni
Amarias at apo ni Hezekias. Tinanggap ni Zefanias ang pahayag na ito nang
si Josias na anak ni Ammon ang hari sa Juda.

2“Wawasakin ko ang lahat ng bagay sa balat ng lupa,” sabi ni Yahweh.

3“Pupuksain ko ang lahat ng tao at hayop; papatayin ko ang mga ibon sa
himpapawid at ang mga isda sa dagat. Ibabagsak ko ang masasama; lilipulin
ko ang sangkatauhan sa balat ng lupa,” sabi ni Yahweh.

4“Paparusahan ko ang lahat ng mamamayan ng Juda at ng Jerusalem.
Wawasakin ko rin sa dakong ito ang mga nalalabing bakas ng pagsamba kay
Baal at lubusan nang malilimutan ang mga paring naglilingkod sa mga diyus-
diyosan.

5Kabilang dito ang mga umaakyat sa kanilang bubungan upang sumamba sa
araw, sa buwan at sa mga bituin. Ang mga taong kunwa'y nanunumpa sa
pangalan ni Yahweh ngunit sa pangalan naman pala ni Milcom;

6silang mga tumalikod na sa paglilingkod kay Yahweh at hindi na humihingi
ng patnubay sa kanya.”

7Tumahimik kayo sa harapan ng Panginoong Yahweh! Sapagkat malapit
nang dumating ang araw ni Yahweh. Inihanda na niya ang kanyang bayan
upang ialay, at inanyayahan niya ang kanyang mga panauhin upang wasakin
ang Juda.

8Sa araw na iyon, sasabihin ni Yahweh, “Paparusahan ko ang mga pinuno at
ang mga anak ng hari, gayundin ang lahat ng tumutulad sa pananamit ng
mga dayuhan.

9Paparusahan ko rin ang mga sumasamba sa mga diyus-diyosan, gayundin
ang mga nagnanakaw at pumapatay upang may mailagay lamang sa bahay
ng kanilang panginoon.”

10Sinabi rin ni Yahweh, “Sa araw na iyon, maririnig ang malakas na pagtangis
ng mga tao sa pintuang tinatawag na Isda, mga panaghoy mula sa bagong
bahagi ng lunsod, at malalakas na ingay dahil sa pagguho ng mga gusali sa
mga burol.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Tumangis kayo, mga naninirahan sa mababang lugar ng lunsod! Patay nang lahat ang mga mangangalakal; ang mga nagtitimbang ng pilak ay wala na.

12“Sa panahong iyon ay gagamit ako ng ilawan upang halughugin ang Jerusalem. Paparusahan ko ang mga taong labis na nagtitiwala sa sarili at nagsasabing, ‘Si Yahweh ay walang gagawin para sa ating ikabubuti o ikasasamâ.’

13Sasamsamin ang kanilang kayamanan, at sisirain ang kanilang mga bahay. Magtatayo sila ng mga bahay ngunit hindi nila matitirhan; magtatanim sila ng mga ubas ngunit hindi sila makakatikim ng alak nito.”

14Malapit na ang dakilang araw ni Yahweh, at ito'y mabilis na dumarating. Kapaitan ang dulot ng araw na iyon; maging ang matatapang ay iiyak nang malakas.

15Iyon ay araw ng poot, ligalig at dalamhati, araw ng pagkasira at pagkawasak, araw ng kadiliman at kalungkutan, araw ng maitim at makakapal na ulap.

16Araw ng pagtunog ng trumpeta at ng sigawan ng mga sumasalakay sa mga napapaderang lunsod at nagtataasang tore.

17Padadalhan ko ng matinding kalungkutan ang mga tao; lalakad sila na parang bulag, sapagkat nagkasala sila laban kay Yahweh. Mabubuhos na parang tubig ang kanilang dugo, at mangangalat ang kanilang bangkay na parang basura.

18Hindi sila maililigtas ng kanilang pilak o ginto sa araw ng poot ni Yahweh. Matutupok sa apoy ng kanyang mapanibughuing poot ang buong daigdig, sapagkat bigla niyang wawasakin ang lahat ng naninirahan sa lupa.

## Zefanias 2

### Ang Panawagan na Magsisi

1Magtipun-tipon kayo at magpulong, bansang walang-hiya!

2Bago kayo ipadpad na gaya ng ipang tinatangay ng hangin, bago ninyo lasapin ang matinding galit ni Yahweh, bago dumating sa inyo ang araw ng kanyang poot.

3Manumbalik kayo kay Yahweh, kayong mapagpakumbaba, kayong sumusunod sa kanyang kautusan. Gawin ninyo ang tama at kayo'y magpakumbaba kay Yahweh, baka sakaling kayo'y makaligtas sa parusa sa araw na iyon!

### Hahatulan ang mga Bansa sa Paligid ng Israel

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Walang matitira sa lunsod ng Gaza, at walang matitira sa lunsod ng Ashkelon. Ang mga taga-Asdod ay palalayasin sa katanghaliang-tapat, at itataboy ang mga taga-Ekron.

5Kahabag-habag kayong naninirahan sa mga baybay-dagat, kahabag-habag kayo, mga Queretita! Ang salita ni Yahweh ay laban sa iyo, O taga-Canaan, lupain ng mga Filisteo; lilipulin kong lahat ang inyong mga mamamayan.

6At ang baybay-dagat ay magiging pastulan, tahanan ng mga pastol at silungan ng mga kawan.

7Ang baybay-dagat ay titirhan ng mga hindi namatay sa lahi ni Juda; doon sila magpapastol, at pagsapit ng gabi, sila'y matutulog sa mga bahay sa Ashkelon. Sapagkat makakasama nila si Yahweh na kanilang Diyos at ibabalik ang kanilang mga kayamanan.

8“Narinig ko ang pangungutya ng Moab, at ang paghamak ng mga Ammonita; iniinsulto nila ang aking bayan at ipinagmamalaking sasakupin ang kanilang lupain.”

9Kaya nga't sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Diyos ng Israel, “Isinusumpa kong mawawasak ang Moab tulad ng Sodoma, at ang Ammon, tulad ng Gomorra. Ang lupain nila'y mapupuno ng dawag, at hindi na ito mapapakinabangan kailanman. Sasamsaman sila ng mga nakaligtas sa aking bayan, at aangkinin ang kanilang lupain.”

10Ito ang parusa sa kanilang kapalaluan, at sa paghamak nila sa bayan ni Yahweh.

11Sisindakin sila ni Yahweh. Pawawalang-kabuluhan niya ang mga diyus-diyosan ng sanlibutan; at siya ang sasambahin ng lahat ng bansa, sa kani-kanilang lupain.

12Kayong mga taga-Etiopia ay mamamatay rin sa digmaan.

13Sa kapangyarihan ni Yahweh ay wawasakin ang Asiria; ibabagsak niya ang Nineve, at ito'y matutulad sa isang disyerto.

14Maninirahan dito ang mga kawan, at ang lahat ng uri ng mga hayop sa parang. Ang mga buwitre ay magpupugad sa mga sirang haligi at huhuni ang mga kuwago sa may tapat ng bintana; gayundin ang mga uwak sa may pintuan, sapagkat malalantad ang mga kahoy na sedar.

15Ito ang mangyayari sa palalong lunsod na hindi nababahala, at nagsasabing, “Wala nang hihigit pa sa akin!” Anong laking kasawian ang kanyang sinapit; naging tirahan siya ng mababangis na hayop! Kukutyain siya at pandidirihan ng lahat ng magdaraan doon.

## Zefanias 3

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang Kapahamakan at Katubusan ng Israel

1 Mapapahamak ang mapaghimagsik na lunsod ng Jerusalem, punung-puno ng mga makasalanan at ng mga pinunong mapang-api.

2 Hindi ito sumusunod kay Yahweh at ayaw tumanggap ng kanyang pagtutuwid. Wala itong tiwala sa kanya, at ayaw nitong lumapit sa Diyos upang humingi ng tulong.

3 Ang kanyang mga pinuno ay parang mga leong umuungal; ang mga hukom nama'y parang mga asong-gubat sa gabi, na sa pagsapit ng umaga'y walang itinitira kahit na buto.

4 Ang kanyang mga propeta ay di mapagkakatiwalaan at mapanganib; ang kanyang mga pari ay lapastangan sa mga bagay na sagrado; at binabaluktot ang kautusan para sa kanilang kapakinabangan.

5 Ngunit nasa lunsod pa rin si Yahweh; doo'y pawang tama ang kanyang ginawa at kailanma'y hindi siya nagkakamali. Araw-araw ay walang tigil niyang ipinapakita ang kanyang katarungan sa kanyang bayan, ngunit hindi pa rin nahihiya ang masasama sa paggawa ng kasalanan.

6 “Nilipol ko na ang mga bansa; winasak ko na ang kanilang mga tore at kuta. Sinira ko na ang kanilang mga lansangan, kaya't wala ni isa mang doo'y dumaraan. Giba na ang mga lunsod nila, wala nang naninirahan doon,” sabi ni Yahweh.

7 Kaya't nasabi ko, “Tiyak na matatakot na siya sa akin, tatanggap na siya ng aking pagtutuwid. Hindi na niya ipagwawalang-bahala ang mga paalala ko. Ngunit lalo pa siyang nasabik gumawa ng masama.”

8 “Kaya't hintayin ninyo ako,” sabi ni Yahweh, “hintayin ninyo ang araw ng aking pag-uusig. Sapagkat ipinasya kong tipunin, ang mga bansa at ang mga kaharian, upang idarang sila sa init ng aking galit, sa tindi ng aking poot; at ang buong lupa ay matutupok sa apoy ng aking poot.

9 “Oo, sa panahong iyon ay babaguhin ko ang pananalita ng mga tao, at bibigyan ko sila ng dilang malinis, upang sa kay Yahweh lamang manalangin at sumamba at buong pagkakaisang maglingkod sa kanya.

10 Mula sa kabilang panig ng mga ilog ng Etiopia, ang aking nangalat na bayan, ay sasamba sa akin at magdadala ng kanilang handog.

11 “Sa araw na iyon ay hindi na kayo mapapahiya sa ginawa ninyong paghihimagsik sa akin, sapagkat aalisin ko ang mga mapagmataas, at hindi na kayo maghihimagsik sa aking banal na bundok.

12 Iiwan ko roon ang mga taong mapagpakumbaba; lalapit sila sa akin upang magpatulong.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[13]Hindi na gagawa ng kasamaan ang mga nakaligtas sa Israel; hindi na sila magsisinungaling ni mandaraya man. Uunlad ang kanilang buhay at magiging panatag; wala na silang katatakutan."

**Isang Awit ng Kagalakan**

[14]Umawit ka nang malakas, Lunsod ng Zion! Sumigaw ka, Israel! Magalak ka ng buong puso, Lunsod ng Jerusalem!

[15]Ang iyong kaparusahan ay inalis na ni Yahweh, at pinalayas na niya ang iyong mga kaaway. Nasa kalagitnaan mo si Yahweh, ang Hari ng Israel, wala nang kasawiang dapat pang katakutan.

[16]Sa araw na iyon ay sasabihin sa Jerusalem, "Huwag kang matakot, Zion; huwag kang panghinaan ng loob.

[17]Nasa piling mo si Yahweh na iyong Diyos, at ang kanyang kapangyarihan ang magbibigay sa iyo ng tagumpay. Siya ay magagalak sa iyo at ang pag-ibig niya ang magbibigay sa iyo ng bagong buhay. Masaya siyang aawit sa laki ng kagalakan,

[18]gaya ng nagdiriwang sa isang kapistahan. Ililigtas kita sa iyong kapahamakan, upang huwag mo nang maranasan ang kahihiyan.

[19]Sa panahong iyon ay haharapin ko ang mga umapi sa iyo. Titipunin ko ang mga itinakwil, papalitan ko ng karangalan ang kanilang mga kahihiyan, at gagawin ko silang tanyag sa buong daigdig.

[20]Sa panahong iyon, kayo'y aking titipunin at ibabalik sa inyong tahanan. Gagawin ko kayong bantog sa buong daigdig, at muli kong ibabalik ang inyong kayamanan at kasaganaan." Si Yahweh ang nagsabi nito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Hagai

## Hagai 1

### Iniutos ni Yahweh na Muling Itayo ang Templo

1Ang aklat na ito ay naglalaman ng mga pahayag ni Yahweh sa pamamagitan ni Hagai. Noong ikalawang taon ng paghahari ni Haring Dario sa Persia, noong unang araw ng ikaanim na buwan, si Yahweh ay nangusap kay Hagai para kay Zerubabel na gobernador ng Juda, anak ni Sealtiel, at sa pinakapunong pari na si Josue, anak ni Jehozadak.

2Ganito ang ipinapasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: “Sinasabi ng mga taong ito na diumano'y hindi pa napapanahon upang itayong muli ang Templo.”

3Dahil dito, sa pamamagitan ni Propeta Hagai ay sinabi ni Yahweh sa sambayanan,

4“Tama ba na naninirahan kayo sa mga magaganda at maaayos na bahay ngunit wasak na wasak naman ang aking Templo?

5Hindi ba ninyo napapansin ang mga nangyayari sa inyo?

6Marami na kayong naihasik ngunit kaunti lamang ang inyong ani. May mga pagkain nga kayo ngunit kakaunti naman at hindi makabusog. May alak nga kayong naiinom ngunit hindi naman sapat upang magbigay kasiyahan. May damit nga kayong naisusuot ngunit giniginaw pa rin kayo sa taglamig. Kumikita nga ang manggagawa ngunit kinukulang pa rin siya.

7Alam ba ninyo kung bakit ganyan ang nangyayari?

8Hindi ako nasisiyahan sa mga ginagawa ninyo. Kaya pumunta kayo sa kagubatan at kumuha ng mga trosong gagamitin sa muling pagtatayo ng Templo upang ako ay masiyahan at doon ay mabigyan ng karangalan.”

9“Umasa kayong aani ng masagana ngunit kayo'y nabigo. At ang kaunting ani na iniuwi ninyo ay akin pang isinambulat. Ginawa ko iyan sa inyo sapagkat abalang-abala kayo sa pagpapaganda ng inyong mga bahay samantalang ang Templo na aking tahanan ay pinababayaan ninyong wasak.

10Iyan ang dahilan kaya kahit hamog ay hindi kayo napapatakan, at ang inyong mga pananim ay hindi lumalago.

11Matinding tagtuyot ang ipinararanas ko sa buong lupain: sa mga kabukiran at kaburulan, sa mga inaning butil, sa mga bagong alak sa lahat ng ani, sa lahat ng tao at hayop, at sa lahat ng pinagpaguran ninyo.”

### Sinunod ng Sambayanan ang Utos ni Yahweh

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Natakot ang sambayanan kay Yahweh. Kaya't bilang tugon sa ipinasabi nito kay Propeta Hagai, sinunod nina Gobernador Zerubabel na anak ni Sealtiel at ng pinakapunong pari na si Josue, anak ni Jehozadak, gayundin ng buong sambayanang nagbalik mula sa pagkabihag sa Babilonia, ang ipinagagawa sa kanila ni Yahweh na kanilang Diyos.

13Nalugod siya kaya't sa pamamagitan ni Propeta Hagai ay muli niyang ipinasabi sa sambayanan, "Nangangako akong kayo'y aking papatnubayan."

14Simula nga noon, si Yahweh ang nagbigay ng lakas ng loob sa lahat ng nagtatrabaho upang muling itayo ang Templo—hindi lamang ni Zerubabel na gobernador ng Juda at ni Josue na pinakapunong pari, kundi ng buong sambayanang lumaya at nagsibalik mula sa pagkabihag. Sama-sama at tulung-tulong nilang sinimulan ang muling pagtatayo ng Templo ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang kanilang Diyos,

15noong ikadalawampu't apat na araw ng ikaanim na buwan ng ikalawang taon ng paghahari ni Dario.

## Hagai 2

### Ang Kagandahan ng Bagong Templo

1Noong ikadalawampu't isa ng ikapitong buwan ng taon ding iyon, muling nagsalita si Yahweh sa pamamagitan ni Propeta Hagai

2upang ipaabot ang mensaheng ito kay Zerubabel na gobernador ng Juda at kay Josue na pinakapunong pari, gayundin sa buong sambayanan:

3"Sino sa inyo ang nakakaalala sa maringal na kaningningan ng naunang Templo? Maihahambing ba ninyo ang kagandahan noon sa hitsura ng Templong ito ngayon? Wala itong sinabi sa naunang Templo.

4Gayunman, magpakatatag kayo. Patuloy ninyong gawin ang Templo sapagkat ako'y kasama ninyo.

5Nang palayain ko kayo sa Egipto, aking ipinangakong palagi ko kayong papatnubayan. Hanggang ngayon nga'y kasama ninyo ako kaya't wala kayong dapat ikatakot.

6"Hindi na magtatagal at yayanigin ko ang langit at ang daigdig, ang lupa at ang dagat.

7Yayanigin ko ang mga bansa at dadalhin ko dito ang kanilang mga kayamanan. Ang Templong ito ay mapupuno ng kanilang mga kayamanan

8sapagkat ang lahat ng pilak at ginto sa buong daigdig ay akin.

9Dahil dito, ang bagong Templo ay magiging higit na maganda kaysa doon sa nauna, at sa bagong Templong ito ay mahahayag ang kasaganaan at

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

katiwasayang ipagkakaloob ko sa aking sambayanan." Ganito ang sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

### Sumangguni ang Propeta sa mga Pari

10Noong ikadalawampu't apat na araw ng ikasiyam na buwan ng ikalawang taon ng paghahari ni Dario sa Persia, muling nagpahayag kay Hagai si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

11Sinabi ni Yahweh sa kanya na itanong sa mga pari kung ano ang pasya ng mga ito ukol sa ganitong usapin:

12"Halimbawa'y may dumampot ng isang piraso ng karneng itinalaga mula sa handog na inialay sa altar at ito'y binalot niya sa kanyang damit. Magiging banal din kaya ang mga pagkaing masaling ng kanyang damit tulad ng tinapay, ulam, alak, langis ng olibo, at iba pang pagkain?" Ang sagot ng mga pari ay "Hindi."

13Muling nagtanong si Hagai, "Halimbawa'y naging marumi ang isang tao dahil humipo sa bangkay. Magiging marumi rin ba ang anumang pagkaing masaling niya?" "Oo," ang sagot ng mga pari.

14Kaugnay nito, sinabi ni Hagai, "Ganito rin ang kalagayan ng mga tao sa bansang ito sa harapan ni Yahweh, pati na ang bunga ng kanilang mga gawain. Kaya nga't ang lahat ng handog nila sa altar ay marurumi."

### Nangako ng Pagpapala si Yahweh

15Sinabi rin ni Yahweh, "Pag-isipan ninyong mabuti ang mga pangyayaring magaganap sa inyong buhay mula sa araw na ito. Noong hindi pa ninyo nasisimulang gawing muli ang Templo,

16inaasahan ninyong ang isang buntong trigo ay 200 kilo ngunit iyon pala ay sandaan lamang. Akala ninyo'y sandaang litrong alak ang masasalok sa imbakan ngunit iyon pala'y apatnapu lamang.

17Sinalanta ko ang inyong mga pananim sa pamamagitan ng mainit na hangin, amag, at pag-ulan ng yelo, gayunma'y hindi pa rin kayo nanumbalik sa akin.

18Ngayon ay ikadalawampu't apat na araw ng ikasiyam na buwan at ito ang araw na natapos ang pundasyon ng Templo. Bantayan ninyo ang mga susunod na pangyayari.

19Ubos na ba ang mga pagkaing butil sa kamalig? Wala pa bang bunga ang mga puno ng ubas, ng igos, ng granada, at ng olibo? Huwag kayong mabahala sapagkat mula ngayon ay pagpapalain ko na kayo."

### Ang Pangako ni Yahweh kay Zerubabel

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Nang araw ding iyon, ikadalawampu't apat ng buwan, isa pang mensahe ang ibinigay ni Yahweh para kay Hagai

[21]upang iparating kay Zerubabel na gobernador ng Juda, “Malapit ko nang yanigin ang langit at ang lupa,

[22]pati na ang mga kaharian; wawakasan ko na ang kapangyarihan ng mga ito. Sisirain ko na ang kanilang mga karwahe at papaslangin ang mga nakasakay doon. Mamamatay din ang mga kabayo at magpapatayan ang mga mangangabayo.

[23]Pagsapit ng araw na iyon, kukunin kita Zerubabel na aking lingkod. Itatalaga kita upang maghari sa ilalim ng aking kapangyarihan. Ikaw ang aking pinili.” Iyan ang pahayag ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Zacarias

## Zacarias 1

### Panawagan na Manumbalik sa Diyos

1 Ang aklat na ito ay naglalaman ng pahayag ni Yahweh sa pamamagitan ni Propeta Zacarias, anak ni Berequias at apo ni Propeta Iddo. Noong ikawalong buwan, ng ikalawang taon ng paghahari ni Haring Dario ng Persia, nangusap si Yahweh sa kanya.

2 Ipinasabi niya sa mga taga-Juda, “Labis akong napoot sa inyong mga ninuno.

3 Kaya't sabihin mo sa kanilang ipinapasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ‘Manumbalik kayo sa akin at kakalingain ko kayo.

4 Huwag kayong tumulad sa inyong mga ninuno. Hindi sila nanumbalik sa akin, hindi nila tinalikuran ang kanilang kasamaan sa kabila ng aking mga panawagan sa pamamagitan ng mga propeta.

5 Nasaan sila ngayon? At ang mga propeta, nanatili ba silang buháy?

6 Ngunit natupad ang lahat ng sinabi ko sa pamamagitan ng mga propeta. Kaya naman sila'y nagsisi at sinabi nilang ginawa ko nga ang aking sinabi tungkol sa kanila na katumbas ng kanilang kasamaan.’”

### Ang Pangitain tungkol sa mga Kabayo

7 Noong ikadalawampu't apat na araw ng ikalabing isang buwan ng ikalawang taon ng pamamahala ni Haring Dario, nagpahayag si Yahweh kay Propeta Zacarias. Ganito ang salaysay ni Zacarias tungkol sa pangyayari,

8 “Kagabi, nagkaroon ako ng pangitain. May nakita akong isang lalaking nakasasakay sa kabayong pula. At siya'y huminto sa kalagitnaan ng mga punong mirto sa isang libis. Sa likuran niya ay may mga nakasakay rin sa kabayong pula, sa kabayong puti at sa kabayong batik-batik.

9 Kaya't itinanong ko sa anghel ni Yahweh na nasa tabi ng mirto kung ano ang kahulugan niyon.” Ang sagot niya, “Halika't ipapaliwanag ko sa iyo.

10 Ang mga ito ay isinugo ni Yahweh upang magmanman sa buong daigdig.”

11 Sinabi ng mga tinutukoy ng anghel ni Yahweh, “Natingnan na po namin ang kalagayan ng buong daigdig; payapa po ang lahat.”

12 Nang magkagayon, sinabi ng anghel, “Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, hanggang kailan mo pa pahihirapan ang Jerusalem at ang mga lunsod ng Juda? Pitumpung taon na po silang nagtitiis.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13May sinabi si Yahweh sa anghel na kausap ko, mga salitang nakakaaliw at makapagpapalakas ng loob.

14Pagkatapos, sinabi naman sa akin ng anghel, “Ito ang ipinapasabi ni Yahweh: Labis ang aking pagmamalasakit sa Jerusalem at sa Zion.

15At malaki ang galit ko sa mga bansang palalo pagkat labis na ang pahirap nilang ginawa.

16Kukupkupin kong muli ang Jerusalem at ang aking templo ay muling itatayo. Ibabalik ang dating sukat at kaayusan nito.

17Muling sasagana ang aking mga lunsod. Ang Zion ay muli kong papatnubayan at hihirangin ang Jerusalem.”

### Ang Pangitain tungkol sa mga Sungay at sa Panday

18Ako'y tumingin at may nakita akong apat na sungay.

19Tinanong ko ang anghel na kausap ko, “Ano ang kahulugan nito?” Ang sagot niya sa akin, “Iyan ang mga sungay na nagpakalat sa Juda, Israel at Jerusalem.”

20Pagkatapos, apat na panday ang ipinakita ni Yahweh sa akin.

21Itinanong ko, “Ano ang gagawin nila?” Sumagot siya, “Ang Juda ay lubusang winasak ng mga sungay na nakita mo, anupa't walang makalaban sa kanila. Ipinadala ko ang mga panday na ito upang siyang humarap sa apat na sungay; babaliin nila ang lahat ng sungay na ginamit laban sa Juda.”

## Zacarias 2

### Ang Pangitain tungkol sa Lalaking may Panukat

1Muli akong tumingin at may nakita akong isang lalaking may dalang panukat.

2Tinanong ko ito, “Saan kayo pupunta?” “Susukatin ko ang luwang at haba ng Jerusalem,” sagot niya.

3Walang anu-ano, lumakad ang anghel na kausap ko at sinalubong siya ng isa pang anghel.

4Sinabi nito sa kanya, “Bilisan mo! Habulin mo ang binatang may dalang panukat at sabihin mo sa kanya na ang Jerusalem ay titirhan ng napakaraming tao at hayop tulad ng bayang walang pader.

5Si Yahweh mismo ang magiging pader na apoy ng Jerusalem, at ang kaluwalhatian niya'y lulukob sa buong lunsod.”

### Tinawagan ang mga Dinalang-bihag

6“Magmadali kayo!” sabi ni Yahweh. “Umalis kayo sa lupain sa hilaga, kayo na parang ipang inilipad ng hangin sa apat na sulok ng daigdig.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Magmadali kayo! Mga taga-Zion na naninirahan sa Babilonia, umuwi na kayo!"

8Pagkatapos ng pangitaing ito, isinugo ako ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, sa mga taong nanamsam sa kanyang bayan at ipinasabi ang ganito: "Sinumang lumaban sa aking bayan ay para na ring lumaban sa akin.

9Bilang parusa ko sa kanila, sila naman ang lulupigin ng mga inalipin nila. Kapag naganap na ito, malalaman nilang isinugo ko ang lalaking ito."

10Sinabi pa ni Yahweh, "Umawit ka sa kagalakan, bayan ng Zion, sapagkat maninirahan na ako sa inyong kalagitnaan."

11Sa araw na iyon, maraming bansa ang sama-samang magpupuri kay Yahweh at pasasakop sa kanya. Siya'y maninirahan sa inyong kalagitnaan. Sa gayon, malalaman ninyong isinugo ako ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

12Aangkinin ni Yahweh ang Juda bilang bayang mahal at muli niyang hihirangin ang Jerusalem.

13Tumahimik kayo sa harapan ni Yahweh, lahat ng nilalang, sapagkat tumayo na siya sa kanyang banal na tahanan.

## Zacarias 3

### Ang Pangitain tungkol kay Josue

1Ipinakita sa akin ni Yahweh ang pinakapunong paring si Josue na nakatayo sa harapan ng anghel ni Yahweh. Siya ay paparatangan ni Satanas na noo'y nasa kanyang kanan.

2Sinabi ng anghel ni Yahweh kay Satanas, "Hatulan ka nawa ni Yahweh, Satanas. Hatulan ka nawa ni Yahweh na pumili sa Jerusalem. Ang taong ito ay gaya ng isang patpat na inagaw sa apoy."

3Nakatayo si Josue sa harapan ng anghel at ang suot ay maruming damit.

4Sinabi ng anghel sa mga naroon, "Hubarin ang gulanit niyang kasuotan." Bumaling siya kay Josue at sinabi, "Nilinis na kita sa iyong kasamaan at ngayo'y bibihisan ng magarang kasuotan."

5Bumaling muli ang anghel sa kanyang mga inutusan at sinabi, "Suotan ninyo siya ng malinis na turbante." Gayon nga ang ginawa nila. At binihisan nila si Josue habang nakamasid ang anghel ni Yahweh.

6Pagkatapos, tinagubilinan si Josue ng anghel ni Yahweh.

7Ito ang ipinapasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: "Kung lalakad ka sa aking mga landas at susundin mo ang aking mga utos, pamamahalain

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

kita sa aking templo at sa buong paligid nito. Bukod dito, diringgin ko ang mga dalangin mo tulad ng pagdinig ko sa dalangin ng mga anghel na ito.

8Makinig ka, Josue na pinakapunong pari! Ikaw at ang iyong mga kasamahang pari ay mabuting palatandaan ng mga mangyayari sa hinaharap. Palilitawin ko ang Sanga na aking lingkod.

9At ang batong ibibigay ko sa iyo, na may pitong tapyas ay uukitan ko ng aking mga salita, at sa loob ng isang araw ay aalisin ko ang kasamaan sa buong lupain.

10Sa araw na iyon, sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, aanyayahan ng bawat isa sa inyo ang kanyang kaibigan upang magsama-sama sa ubasan ninyo at sa ilalim ng inyong mga punong igos."

## Zacarias 4

### Ang Ilawan at ang Puno ng Olibo

1Nagbalik ang anghel na kausap ko at ako'y kanyang ginising na para bang ako'y natutulog.

2Itinanong niya sa akin, "Ano ang nakikita mo?" "Isang ilawang ginto po na may lalagyan ng langis sa itaas at may pitong ilawan, bawat isa'y may pitong lalagyan ng mitsa.

3Sa magkabila nito ay may puno ng olibo," sagot ko naman sa kanya.

4Itinanong ko sa anghel, "Ano po ang kahulugan nito, panginoon?"

5"Hindi mo ba alam iyan?" patanong na sagot sa akin. "Hindi po," ang sagot ko.

### Ang Pangako ng Diyos kay Zerubabel

6Sinabi sa akin ng anghel ang ipinapasabi ni Yahweh para kay Zerubabel, "Pinapasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: Ang tagumpay ay hindi makakamit sa pamamagitan ng lakas ng hukbo o sariling kapangyarihan kundi sa pamamagitan lamang ng aking espiritu.

7Maging ang pinakamalaking hadlang ay makikita ninyong maaalis. Muli mong itatayo ang templo at habang inilalagay mo ang kahuli-hulihang bato, magbubunyi ang mga tao at kanilang sasabihin, 'Napakaganda!'"

8Sinabi muli sa akin ni Yahweh,

9"Si Zerubabel ang naglagay ng pundasyon sa templong ito at siya rin ang tatapos. Kapag ito'y natapos na, mapapatunayan ng lahat na ikaw ang aking isinugo.

10Nag-aalala sila ngayon dahil sa mabagal na pagkayari ng templo. Ngunit matutuwa sila kapag nakita nilang ito'y pinapamahalaan na ni Zerubabel."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ipinaliwanag ang Pangitain tungkol sa Ilawan

Sinabi sa akin ng anghel, “Ang pitong sinag na iyan ay paningin ng Diyos at lalaganap ito sa buong mundo.”

11Itinanong ko sa anghel, “Ano naman po ang kahulugan ng dalawang puno ng olibo sa magkabila ng ilawan?

12Bakit may dalawang sanga ng olibo sa magkabilang tabi ng gintong tubo na buhusan ng langis?”

13“Hindi mo ba alam kung ano ang mga iyan?” patanong na tugon niya sa akin. “Hindi po,” sagot ko.

14“Iyan ay dalawang taong pinili ni Yahweh at pinahiran ng langis upang makatulong niya sa pamamahala sa daigdig,” sabi niya.

## Zacarias 5

### Ang Pangitain tungkol sa Kasulatang Lumilipad

1Muli akong tumingala at may nakita akong kasulatang lumilipad.

2Tinanong ako ng anghel, “Ano ang nakikita mo?” “Isa pong kasulatang lumilipad. Ang haba po nito ay siyam na metro at apat at kalahating metro naman ang lapad,” sagot ko.

3Sinabi niya sa akin, “Diyan nakasulat ang mga sumpa sa daigdig. Sa kabila ay sinasabing aalisin sa lupain ang lahat ng magnanakaw; sa kabila naman ay sinasabing aalisin din ang lahat ng sinungaling.

4Ipadadala ko ito sa sambahayan ng mga magnanakaw at sa sambahayan ng mga sinungaling. Mananatili ito sa sambahayang iyon upang ubusin sila nang lubusan.”

### Ang Babae sa Loob ng Malaking Basket

5Lumapit sa akin ang anghel at sinabi, “Tumingala ka at tingnan mo kung ano itong dumarating.”

6“Ano 'yan?” tanong ko sa kanya. “Iyan ay isang malaking basket. Inilalarawan niyan ang kasalanan ng buong sanlibutan,” sagot niya.

7Bumukas ang tinggang takip nito at nakita kong may isang babaing nakaupo sa loob ng malaking basket.

8Sinabi sa akin ng anghel, “Iyan si Kasamaan.” At itinulak niya ito pabalik sa loob ng kaing at muling sinarhan.

9Nang ako'y tumingala, may nakita akong dalawang babaing lumilipad papunta sa akin; malalapad ang kanilang pakpak. Pinagtulungan nilang ilipad na palayo ang malaking basket.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Tinanong ko ang anghel, “Saan nila iyon dadalhin?”

11Sumagot siya, “Sa Babilonia. Gagawa sila ng templo roon upang paglagyan ng malaking basket. Pagkatapos, sasambahin nila ito.”

## Zacarias 6

### Ang Pangitain tungkol sa Apat na Karwahe

1Muli akong tumingin at may nakita akong apat na karwaheng lumabas sa pagitan ng dalawang malalaking bundok na tanso.

2Pula ang mga kabayong humihila sa unang karwahe, kulay itim naman sa pangalawa,

3mga kabayong kulay puti ang sa pangatlo, at mga kabayong batik-batik ang sa pang-apat.

4Itinanong ko sa anghel, “Ano po ang kahulugan ng mga karwaheng ito?”

5Sumagot siya, “Ang mga iyan ay ang apat na hangin ng himpapawid na nagmula kay Yahweh na Panginoon ng buong daigdig.

6Ang hila ng mga kabayong kulay itim ay pupunta sa hilaga, sa kanluran naman ang hila ng puti, at sa timog naman ang hila ng may batik-batik.”

7Nang lumabas ang mga kabayong may batik-batik na pula, sila'y nagpipiglas upang siyasatin ang daigdig. Kaya sinabi ng anghel, “Sulong, siyasatin na ninyo ang daigdig!” At gayon nga ang ginawa ng mga ito.

8Walang anu-ano, isinigaw sa akin ng anghel, “Ang poot ni Yahweh ay pinayapa na ng mga kabayong nagpunta sa Babilonia!”

### Ang Kahulugan ng Pagpuputong kay Josue

9Sinabi sa akin ni Yahweh,

10“Puntahan mo sina Heldai, Tobias at Jedaias na kasama ng mga bihag na dinala sa Babilonia. Pagkatapos, tumuloy ka kay Josias na anak ni Sefanias. Kunin mo ang kanilang mga handog na pilak at ginto,

11at gawin mong korona para sa pinakapunong paring si Josue na anak ni Jehozadak.

12Sabihin mo sa kanya, ‘Narito ang isang taong ang pangala'y Sanga. Tutubo siya mula sa kanyang kinalalagyan at ipatatayo niya ang templo ni Yahweh.

13Siya nga ang magtatayo ng templo, uupo sa trono, at manunungkulan bilang hari. Tutulungan siya ng isang pari at maghahari sa kanila ang mabuting pag-uunawaan.

14Ang korona ay mananatili sa templo bilang pag-alala kina Heldai, Tobias, Jedaias at Josias.’”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

15Magsisiparito ang mga taong taga-malayong lupain upang tumulong sa pagtatayo ng templo ni Yahweh. Sa gayon, mapapatunayan ninyong isinugo nga ako ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat. Mangyayari ang lahat ng ito kung tutuparin ninyo ang kanyang mga utos.

## Zacarias 7

### Tinuligsa ang Pakunwaring Pag-aayuno

1Noong ikaapat na taon ng pamamahala ni Haring Dario, muling nagpahayag kay Zacarias si Yahweh. Naganap ito noong ikaapat na araw ng ikasiyam na buwan ng taon.

2Ang mga pangkat nina Sarezer at Regemmelec ay sinugo ng mga taga-Bethel upang makiusap kay Yahweh

3at itanong sa mga pari at sa mga propeta kung kailangan pa nilang magluksa sa ika-5 buwan, tulad ng dati nilang ginagawa.

4-5Ito ang mga mensaheng ibinigay sa akin ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat para sa mga mamamayan ng buong lupain at sa mga pari: “Ang pagluluksa at pag-aayunong ginagawa ninyo tuwing ika-5 at ika-7 buwan sa loob ng pitumpung taon ay hindi parangal sa akin.

6Hindi ba't nagkakainan at nag-iinuman kayo para lamang mabusog at masiyahan?”

7Hindi ba't ito rin ang sinabi ni Yahweh sa pamamagitan ng mga unang propeta, nang ang Jerusalem at ang mga lunsod sa paligid nito kasama ang Negeb at mga bulubunduking lalawigan ay hindi pa nawawasak at nasa panahon ng kaunlaran.

### Ang Dahilan ng Pagkabihag

8Pinahayag ni Yahweh kay Zacarias, “Sabihin mo sa kanila,

9‘Pairalin ninyo ang katarungan at maging mahabagin kayo sa isa't isa.

10Huwag ninyong aapihin ang mga biyuda, ang mga ulila, ang mga dayuhan o ang mahihirap. Huwag kayong magbabalak ng masama laban sa inyong kapwa.’

11“Ngunit hindi nila ito pinakinggan; matigas ang kanilang ulo at sila'y nagbingi-bingihan.

12Ipinilit nila ang sariling kagustuhan at hindi dininig ang sinabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat sa pamamagitan ng mga propeta. Dahil dito, labis siyang nagalit sa kanila.

13‘Nang magsalita ako sa kanila, hindi nila ako pinakinggan, kaya ganoon din ang ginawa ko nang sila naman ang magsalita sa akin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[14]At ipinakalat ko sila sa lahat ng panig ng daigdig, sa mga lugar na di nila dating napupuntahan. Dahil dito, napabayaan ang dating magandang lupain; wala na ring dumaraan at naninirahan doon.'"

## Zacarias 8

### Ipinangako ang Muling Pagsasaya sa Jerusalem

[1]Sinabi sa akin ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat,

[2]"Ganito ang sabihin mo: Sabik na sabik na akong ipadama sa Jerusalem ang aking pagmamahal; isang pagmamahal na naging dahilan upang mapoot ako sa kanyang mga kaaway.

[3]Babalik ako sa Jerusalem upang muling manirahan doon. Tatawagin itong Tapat na Lunsod at Banal na Bundok ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

[4]Ganito ang sinabi ni Yahweh: "Muling makikita ang matatandang babae't lalaking nakatungkod na nakaupo sa mga liwasan ng lunsod.

[5]Ang mga lansangan ay mapupuno ng mga batang naglalaro.

[6]Aakalain ng mga naiwan sa lupain na mahirap itong mangyari. Ngunit para kay Yahweh ay walang imposible.

[7]Ililigtas ko ang aking bayan mula sa mga lugar sa silangan at sa kanluran,

[8]at muli ko silang ibabalik sa Jerusalem. Sila ay aking magiging bayan at ako ang kanilang magiging tapat at makatarungang Diyos."

[9]Ipinapasabi pa ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, "Lakasan ninyo ang inyong loob, kayo na nakarinig ng mensahe ng mga propeta noong inilalagay ang pundasyon ng aking templo.

[10]Bago pa dumating ang panahong iyon, hindi nila kayang umupa ng tao o hayop, at mapanganib kahit saan sapagkat ang bawat isa'y ginawa kong kaaway ng kanyang kapwa.

[11]Ngunit ngayon, hindi ko na pababayaang mangyari sa inyo ang nangyari noon.

[12]Mapayapa na kayong makapaghahasik. Magbubunga na ang inyong mga ubasan. Papatak na ang ulan sa takdang panahon, ibibigay ko ang lahat ng ito sa mga naiwan sa lupain.

[13]Bayan ng Juda at Israel, kayo ang naging sumpa sa mga bansa. Sinasabi nila, 'Danasin sana ninyo ang kahirapang dinanas ng Juda at ng Israel.' Ngunit ililigtas ko kayo at gagawing pagpapala para sa kanila. Kaya huwag kayong matakot at lakasan ninyo ang inyong loob."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Ipinapasabi pa rin ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, “Noong una, binalak kong parusahan ang inyong mga ninuno dahil sa kanilang kasamaan. Ginawa ko nga ito.

15Ngunit ngayon, ipinasya ko namang pagpalain ang Jerusalem at ang Juda; kaya huwag kayong matakot.

16Ganito ang dapat ninyong gawin: Katotohanan lamang ang sasabihin ninyo sa isa't isa, paiiralin ninyo ang katarungan at pananatilihin ang kapayapaan.

17Huwag kayong magbabalak ng masama laban sa inyong kapwa at huwag magsisinungaling, sapagkat nasusuklam ako sa mga ito.”

18Sinabi sa akin ni Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat,

19“Sabihin mo sa kanila na ang mga araw ng pag-aayuno tuwing ikaapat, ikalima, ikapito at ikasampung buwan ng taon ay gagawin kong araw ng kagalakan at pagdiriwang ng Juda. Kaya't pahalagahan ninyo ang katotohanan at kapayapaan.”

20Ipinapasabi pa ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, “Darating sa Jerusalem ang mga tao mula sa iba't ibang bayan.

21Aanyayahan nila ang bawat isa, ‘Tayo na at sambahin natin si Yahweh. Humingi tayo ng pagpapala kay Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.’

22Maraming tao at bansang makapangyarihan ang pupunta sa Jerusalem upang sumamba kay Yahweh na Makapangyarihan sa lahat at upang humingi sa kanya ng pagpapala.

23Sa araw na iyon, sampu-sampung dayuhan ang makikiusap sa bawat Judio na isama sila dahil sa balitang ang mga Judio ay pinapatnubayan ng Diyos.”

## Zacarias 9

### Ang Parusa sa mga Bansa sa Paligid

1Ito ang ipinapasabi ni Yahweh: “Itinakda ko na ang parusa sa lupain ng Hadrac at sa lunsod ng Damasco. Ang mga lunsod ng Aram ay akin, kung paanong ang lahat ng lipi ni Israel ay akin.

2Akin din ang Hamat na nasa hangganan ng Hadrac, gayon din ang Tiro at Sidon, bagaman sila'y napakarunong.

3Ang Tiro ay napapaligiran ng matibay na pader. Nag-ipon siya ng makapal na pilak at gintong sindami ng alabok sa lansangan.

4Ngunit ngayon, kukunin ni Yahweh ang lahat niyang ari-arian at ihahagis lahat sa dagat. Ang lunsod naman ay ipatutupok niya sa apoy.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5“Makikita ito ng Ashkelon at siya ay mangingilabot. Manginginig rin sa takot ang Gaza, at mawawalan ng pag-asa ang Ekron. Mawawalan ng hari ang Gaza at wala nang maninirahan pa sa Ashkelon.

6Paghaharian ng mga dayuhan ang Asdod. Ibabagsak ko ang palalong Filistia.

7Hindi na sila kakain ng dugo o anumang ipinagbabawal na pagkain. Ang matitira ay mapapabilang sa aking bayan at ituturing na isa sa mga angkan ni Juda. Ang mga taga-Ekron ay mapapabilang din sa aking bayan, tulad ng nangyari sa mga Jebuseo.

8Babantayan ko ang aking bayan upang hindi ito mapasok ng kaaway. Hindi ko na papahintulutang lupigin pa sila ng iba, sapagkat nakita ko na ang kanilang paghihirap.”

**Ang Magiging Hari ng Zion**

9O Zion, magdiwang ka sa kagalakan! O Jerusalem, ilakas mo ang awitan! Pagkat dumarating na ang iyong hari na mapagtagumpay at mapagwagi. Dumarating siyang may kapakumbabaan, batang asno ang kanyang sinasakyan.

10“Ipapaalis niya ang mga karwahe sa Efraim, gayundin ang mga kabayong pandigma ng Jerusalem. Panudla ng mga mandirigma ay mawawala, pagkat paiiralin niya'y ang pagkakasundo ng mga bansa. Hangganan ng kaharian niya'y dagat magkabila, mula sa Ilog Eufrates hanggang dulo ng lupa.”

**Muling Aayusin ang Zion**

11Sinabi pa ni Yahweh, “Alang-alang sa ating tipan na pinagtibay ng dugo, ibabalik ko ang mga anak mong itinapon sa balong tuyo.

12Kayo, mga bilanggo, na di nawalan ng pag-asa, ay maaari nang bumalik sa inyong lupain. Ang magandang kalagayan ninyo noong unang panahon, ay aking hihigitan at pag-iibayuhin.

13Binanat ko ang Juda gaya ng isang pana, at ang Efraim naman ang aking panudla. Kayong mga taga-Zion ay aking isasagupa laban sa mga anak ng mga taga-Grecia; gaya ng tabak ng isang mandirigma, sila'y gagawin kong aking sandata.”

14Si Yahweh ay magpapakita sa kanyang bayan, at ang palaso niya'y parang kidlat na sisibat; trumpeta ng Panginoong Yahweh, kanyang hihipan at sila'y parang ipu-ipong sasalakay sa katimugan.

15Si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, sa kanila'y mag-iingat; sa pagdumog sa kaaway sila'y di maaawat. Dugo ng mga ito'y kanilang paaagusin, gaya ng mga handog na sa altar inihain.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16 Sa araw na iyon, ililigtas sila ni Yahweh na kanilang Diyos pagkat sila'y kanyang kawan, iniibig na lubos. Sa buong lupain ay magniningning sila, parang batong hiyas ng isang korona.

17 Mararanasan nila'y kagandaha't kasaganaan; pagkain at alak, may taglay na kalakasan, para sa kabinataan at mga kadalagahan.

## Zacarias 10

### Ang Pagliligtas ni Yahweh sa Kanyang Bayan

1 Humingi kayo ng ulan kay Yahweh, sa panahon ng tagsibol. Sa kanya na lumilikha ng ulap at hamog na nagpapasariwa sa mga pananim.

2 Ang mga diyus-diyosan ay wala ng kabuluhan; ang pangitain ng mga manghuhula ay pawang kasinungalingan; ang mga panaginip nila'y walang katotohanan; ang kanilang sinasabi'y wala ring kabuluhan. Kaya't mga tao'y parang tupang naliligaw, pagkat walang pastol na sa kanila'y umaakay.

3 Ang mga pastol ay aking kinapopootan, at ang mga pinuno ay aking paparusahan. Mahal ko ang Juda, kaya siya'y iingatan, palalakasin ko silang parang kabayo sa digmaan.

4 Sa kanila magmumula ang batong-panulukan; sa kanila manggagaling ang tulos ng tolda; sa kanila magmumula ang panang panudla, mula rin sa kanila ang pinunong mamamahala.

5 Ang mga anak ng Juda ay mabubuo at sila'y magiging isang malakas na hukbo. Ang kaaway nila'y kanilang yuyurakan, kanilang tatapakan sa maputik na lansangan. Sila ay lalaban sapagkat si Yahweh ang kanilang patnubay; ibabagsak nila ang mga kawal na kabayuhan.

6 “Ang sambahayan ni Juda'y bibigyan ko ng lakas; ang sambahayan ni Jose'y aking ililigtas. Ibabalik ko sila sa dating tirahan; sapagkat sila ay aking kinahahabagan, na para bang di ko sila pinabayaan. Ako si Yahweh, ang kanilang Diyos, aking diringgin ang kanilang dalangin.

7 Ang mga taga-Efraim ay magdiriwang, katulad nila'y kawal na nagtagumpay. Aawit sila sa galak na parang nakainom ng alak. Makikita ito ng mga anak nila at matutuwa, si Yahweh ay pupurihin sapagkat siya ang gumawa.

8 “Tatawagin ko sila at muling titipunin, sa mga kaaway sila'y aking tutubusin; at tulad noong una, sila'y pararamihin.

9 Bagaman sila'y pinangalat ko sa iba't ibang mga bansa, hindi nila ako malilimutan doon, sila at ang mga anak nila'y maliligtas at makakabalik sa kanilang tahanan.

10 Sila'y aking ibabalik mula sa Egipto, at aking titipunin mula sa Asiria; upang iuwi sa Gilead at Lebanon, hanggang ang lupain ay mapuno ng tao.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Tatawid sila sa dagat ng Egipto, at papayapain ko ang malalaking alon nito; aking tutuyuin ang Ilog Nilo. Ibabagsak ko ang Asiria na palalo, maging setro ng Egipto'y tiyak na maglalaho.

12Ang aking bayan ay aking palalakasin, susundin nila ako at sasambahin." Ako si Yahweh, ang nagsabi nito.

## Zacarias 11

1Pintuan mo ay ibukas, lupain ng Lebanon, upang lamunin ng apoy ang iyong mga sedar.

2Magsitaghoy kayo, mga puno ng sipres pagkat bumagsak na ang sedar, ang mararangal na punong iyon. Managhoy rin kayo, mga ensina ng Bashan, pagkat nahawan na ang madilim na kagubatan.

3Gayon na lamang ang pagtangis ng mga pinuno, pagkat karangalan nila'y parang biglang naglaho. Atungal ng mga leon, iyong pakinggan, pagkat gubat ng Jordan ay nasira na't nahawan.

**Ang mga Pastol na Walang Kabuluhan**

4Sinabi sa akin ni Yahweh na aking Diyos, "Ikaw ang mag-alaga sa mga tupa kong papatayin.

5Pinapatay lamang sila ng nag-aalaga sa kanila ngunit hindi napaparusahan ang mga ito. Ang karne ay ipinagbibili at pagkatapos ay kanilang sinasabi, 'Purihin si Yahweh! Mayaman na tayo ngayon.' Maging ang mga pastol ay hindi rin naawa sa kanila.

6Hindi ko na kahahabagan ang mga tao sa lupaing ito. Pababayaan ko silang mahulog sa kamay ng kanilang kapwa. Wawasakin nila ang lahat ng bansa, isa ma'y wala akong ililigtas!"

7Kinuha ako ng mga mamimili upang mag-alaga sa binili nilang tupang papatayin. Kumuha ako ng tungkod; ang isa'y pinangalanan kong Kabutihang Loob, at ang isa nama'y Pagkakaisa. At inalagaan ko nga ang kawan.

8Sa loob ng isang buwan, tatlong pastol na ang pinaalis ko pagkat naubos na ang pasensiya ko sa kanila. Sila naman ay nasuklam sa akin.

9Sinabi ko sa kawan, "Mula ngayon, di ko na kayo aalagaan, mamatay na kung sino ang mamamatay sa inyo at mapahamak na kung sino ang mapapahamak. At ang matira ay pababayaan kong mag-away-away.

10Binali ko ang tungkod na tinawag kong Kabutihang Loob upang ipakilalang wala nang kabuluhan ang kasunduan namin ng mga mamimili.

11Nang araw ngang yaon, sinira ko ang tipan at nalaman ng mga mamimiling nanonood sa akin noon na ang sinabi ko'y buhat kay Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Sinabi ko sa kanila, “Kung gusto ninyong ibigay ang aking sahod, salamat; kung ayaw ninyo, sa inyo na lang.” At binigyan nila ako ng tatlumpung pirasong pilak bilang sahod.

13Pagkatapos, sinabi sa akin ni Yahweh, “Ilagay mo iyan sa kabang-yaman ng Templo.” Kaya't kinuha ko ang tatlumpung pirasong pilak bilang pasahod nila sa akin, at ganoon nga ang aking ginawa.

14Pagkatapos, binali ko rin ang tungkod na tinawag kong Pagkakaisa upang ipakitang wala nang pagkakaisa ang Juda at Israel.

15Sinabi sa akin ni Yahweh, “Mag-ayos kang tulad ng isang pastol na walang kabuluhan.

16Ang bayan ay bibigyan ko ng isang pastol na walang pagpapahalaga sa mga nawawala, hindi maghahanap sa naligaw, hindi hihilot sa napilayan, ni mag-aalaga sa maysakit. Bagkus, uubusin niya ang matataba, saka itatapon ang buto nito.

17Kawawa ang pastol na walang kabuluhan at nagpapabaya sa kawan. Isang tabak ang tatama sa kanyang kamay at kanang mata. Ang kamay niya'y mawawalan ng lakas, at mabubulag ang kanang mata.”

## Zacarias 12

### Ang Pagliligtas na Gagawin sa Jerusalem

1Ito ang mensahe ni Yahweh para sa Israel, ang Diyos na gumawa ng langit at lupa, at nagbigay-buhay sa tao:

2“Ang Jerusalem ay gagawin kong parang isang mangkok na puno ng alak upang ang sinumang maghangad lumusob dito ay maging parang lasing na susuray-suray. Ang pagkubkob sa Jerusalem ay pagkubkob na rin sa buong Juda.

3Sa araw na iyon, ang mga bansa ay magkakaisa laban sa Jerusalem ngunit gagawin ko itong tulad sa isang malaking bato na mahirap galawin. Sinumang gumalaw nito ay naghahanap ng sakit ng katawan.

4Tatakutin ko ang kanilang mga kabayo at magugulo ang mga kawal na sakay nito. Babantayan ko ang Juda at bubulagin ang mga kabayo ng kaaway.

5Dahil dito, sasabihin ng mga taga-Juda na ang lakas ng Jerusalem ay buhat kay Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang kanilang Diyos.

6“Sa araw na iyon, ang Juda ay gagawin kong parang apoy na tutupok sa kakahuyan at sulo na susunog sa ginapas na palay. Lilipulin niya ang mga karatig-bansa at ang Jerusalem naman ay muling titirhan ng mga tao.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7“Ang unang pagtatagumpayin ko ay ang mga sambahayan ng Juda upang ang karangalan ng angkan ni David at ng mga taga-Jerusalem ay hindi humigit sa ibang bayan ng Juda.

8Sa araw na iyon, palalakasin ko ang mga taga-Jerusalem upang pati ang mga mahihina ay magiging sinlakas ni David. Ang sambahayan ni David ay magiging makapangyarihang tulad ng Diyos, tulad ng anghel ni Yahweh na nanguna sa kanila.

9At sa araw na iyon, mawawasak ang alinmang bansang mangangahas sumakop sa Jerusalem.

10“Ang lahi ni David at ang mga taga-Jerusalem ay gagawin kong mahabagin at mapanalanginin. Sa gayon, kapag pinagmasdan nila ang kanilang sinaksak ng sibat ay tatangisan nila itong parang kaisa-isang anak o anak na panganay.

11Sa araw na iyon, ang iyakan sa Jerusalem ay matutulad sa nangyari noon sa Hadad-rimon sa kapatagan ng Megido.

12Tatangis ang buong lupain, ang bawat sambahayan, ang lahi ni David, pati ang kababaihan doon, ang lahi ni Natan, pati ang sambahayan doon,

13ang lahi ni Levi, pati ang kababaihan doon, ang lahi ni Simei, pati ang kababaihan doon,

14at ang iba pang lahi, pati ang kanilang kababaihan.”

## Zacarias 13

1Sinabi pa ni Yahweh, “Sa panahong iyon, lilitaw ang isang bukal at lilinisin nito ang kasalanan at karumihan ng sambahayan ni David at ng mga taga-Jerusalem.

2“Aalisin ko sa lupain ang lahat ng diyus-diyosan at mapapawi sila sa alaala habang panahon. Aalisin ko na rin ang mga bulaang propeta at masasamang espiritu.

3Sakali mang may lumitaw na bulaang propeta, sasabihin ng kanyang mga magulang na hindi siya dapat mabuhay, pagkat ginagamit pa niya sa kasinungalingan ang pangalan ni Yahweh. At ang mga magulang niya mismo ang papatay sa kanya sa sandaling siya'y magpahayag.

4Sa araw ngang iyon, wala nang magmamalaking siya ay propeta, wala nang magdadamit-propeta ni magkukunwaring propeta.

5Sa halip, sasabihin nilang sila'y hindi propeta kundi mga hamak na magbubukid lamang mula sa kanilang kabataan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Kung may magtanong sa kanya tungkol sa mga pilat niya sa dibdib, sasabihin niyang iyon ay likha ng mga nagmamahal sa kanya."

### Ang Pagpatay sa Pastol ni Yahweh

7Ito ang sinasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: "Tabak, kumilos ka laban sa tagapangalaga ng aking mga tupa, laban sa aking lingkod. Patayin mo ang pastol upang magkawatak-watak ang mga tupa; lilipulin ko naman pati ang maliliit.

8Malilipol ang dalawang ikatlong bahagi ng naninirahan sa lupain; ikatlong bahagi lamang ang matitira.

9Ang mga ito'y padadaanin ko sa apoy upang dalisayin, tulad ng pagdalisay sa pilak at ginto. Tatawag sila sa akin at akin namang diringgin. Sasabihin kong sila ang aking bayan. Sasabihin naman nilang ako ang kanilang Diyos."

## Zacarias 14

### Ang Jerusalem at ang Ibang Bansa

1Darating ang araw na pababayaan ni Yahweh na mapasok ang Jerusalem, at lahat ng masasamsam ay paghahati-hatian sa harapan ninyo.

2Pagkakaisahin ko ang mga bansa laban sa Jerusalem. Lulusubin nila ito, hahalughugin ang lahat ng bahay, at gagahasain ang mga babae. Ipapatapon ang kalahati sa mga taga-Jerusalem at iiwanan ang kalahati.

3Ngunit ang mga bansang iyon ay didigmain ni Yahweh tulad ng ginawa niya noong una.

4Sa araw na iyon, tatayo si Yahweh sa Bundok ng mga Olibo sa gawing silangan ng Jerusalem. Magkakaroon ng maluwang na libis sa gitna ng bundok, pagkat mahahati ito mula sa silangan hanggang kanluran: ang kalahati ay mapupunta sa hilaga at sa timog naman ang kalahati.

5Sa libis kayo daraan sa inyong pagtakas, tulad ng ginawa ng inyong mga ninuno nang lumindol sa Juda noong panahon ni Haring Uzias. At si Yahweh ay darating na kasama ang kanyang mga anghel.

6Sa panahong iyon, wala nang taglamig

7at hindi na didilim; mananatiling maliwanag kahit sa gabi. Si Yahweh lamang ang nakakaalam kung kailan ito mangyayari.

8Ang mga agos ng tubig buhat sa Jerusalem ay patuloy sa buong taon. Patungo sa Dagat na Patay ang kalahati at sa Dagat Mediteraneo naman ang kalahati.

9Ang daigdig ay pamamahalaan ni Yahweh; siya lamang at ang kanyang pangalan ang kikilalanin ng lahat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[10]Ang buong lupain ay gagawing kapatagan mula sa Geba hanggang Rimon, sa timog ng Jerusalem. Ngunit ang Jerusalem ay mananatiling mataas mula sa pintuan ng Benjamin, sa lugar ng dating pintuan, hanggang sa pintuan sa sulok, mula sa bantayan ni Hananel hanggang sa pisaan ng ubas sa hardin ng palasyo.

[11]Mapupuno ito ng mga mamamayan, at hindi na ito isusumpa pang muli. Ito'y paghaharian na ng kapayapaan.

[12]Ang mga lulusob sa Jerusalem ay padadalhan ni Yahweh ng kakila-kilabot na sakit; buháy pa sila ay mabubulok na ang kanilang laman, mata at dila.

[13]Paghaharian sila ng malaking kaguluhan, at sila-sila'y maglalaban.

[14]Lulusubin sila ng mga taga-Juda upang ipagtanggol ang Jerusalem at sasamsamin ang maiiwanan nilang kayamanang ginto, pilak at mga kasuotan.

[15]Padadalhan din niya ng salot ang kanilang mga kabayo, mola, kamelyo, asno at iba pang mga hayop.

[16]Kapag nalupig na ang mga kaaway, lahat ng nakaligtas sa labanan at sa salot ay pupunta sa Jerusalem taun-taon upang sumamba kay Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Dakilang Hari, at makikisama sa pagdiriwang ng Pista ng mga Tolda.

[17]At alinmang bansang hindi sumasamba kay Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang Hari, ay hindi makakaranas ng ulan.

[18]Kapag ang mga Egipcio ay di pumunta sa Jerusalem, padadalhan din sila ng salot tulad ng ipinadala sa mga bansang hindi nakiisa sa pagdiriwang ng Pista ng mga Tolda.

[19]Iyan ang ipaparusa sa Egipto at sa mga bansang hindi makikiisa sa pagdiriwang ng nasabing pista.

[20]Sa araw na iyon, ang mga kampanilyang palamuti sa mga kabayong pandigma ay susulatan ng ganito, “Itinalaga kay Yahweh.” Magiging sagrado ang lahat ng lutuan sa templo, tulad ng mga palanggana sa harap ng altar.

[21]Lahat ng lutuan sa Jerusalem at Juda ay magiging sagrado para kay Yahweh upang magamit sa lahat ng paghahandog. At mawawala na ang mga mangangalakal sa templo ni Yahweh.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Malakias

## Malakias 1

### Iniibig ni Yahweh ang Israel

1Ang aklat na ito ay naglalaman ng pahayag ni Yahweh tungkol sa Israel sa pamamagitan ni Propeta Malakias. Sinabi ni Yahweh sa bayan ng Israel:

2“Inibig ko na kayo noong una pa man, subalit sinasabi naman ninyo, ‘Paano ninyo ipinakita ang inyong pag-ibig sa amin?’ Hindi ba't magkapatid sina Esau at Jacob ngunit minahal ko si Jacob at ang kanyang mga salinlahi,

3at kinamuhian ko naman si Esau? Winasak ko ang kanyang maburol na kabayanan at pinamugaran iyon ng maiilap na hayop.”

4Kung sabihin man ng mga Edomita na mga salinlahi ni Esau, “Bagaman winasak ang aming bayan, muli namin itong itatayo.” Ito naman ang isasagot ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: “Itayo man nilang muli iyon ay muli kong wawasakin hanggang sa tawagin silang ‘masamang bansa’ at ‘bayang kinapopootan ni Yahweh magpakailanman.’”

5Makikita ninyong mangyayari ito at inyong sasabihin, “Dakila at makapangyarihan si Yahweh kahit sa labas ng bansang Israel.”

### Pinangaralan ni Yahweh ang mga Pari

6Pinagsabihan ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat ang mga paring lumalapastangan sa kanyang pangalan, “Pinaparangalan ng anak ang kanyang ama at ng alipin ang kanyang panginoon. Kung ako ang inyong ama, bakit hindi ninyo ako iginagalang? Kung ako ang inyong Panginoon, bakit hindi ninyo ako pinaparangalan? Nilalapastangan ninyo ako at pagkatapos ay itatanong pa ninyo, ‘Sa anong paraan namin kayo nilalapastangan?’

7Nag-aalay kayo sa aking altar ng mga walang halagang pagkain. At itinanong pa ninyo, ‘Paano naging marumi ang aming handog?’ Hinahamak ninyo ang aking altar

8sa tuwing maghahandog kayo sa akin ng mga hayop na bulag, pilay, o maysakit. Subukin ninyong maghandog ng ganyan sa inyong gobernador, matuwa kaya siya sa inyo at ibigay ang inyong kahilingan?

9“Magsumamo man kayo sa Diyos ay hindi niya kayo papakinggan kung ganyan ang ihahandog ninyo sa kanya.

10Mabuti pa'y isara na ng isa sa inyo ang mga pinto ng Templo at huwag na kayong mag-aksaya ng panahon sa pagsisindi ng walang kabuluhang apoy sa ibabaw ng aking altar! Hindi ako nalulugod sa inyo at hindi ko tatanggapin ang anumang handog ninyo sa akin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[11]Iginagalang ang aking pangalan ng lahat ng mga bansa mula silangan hanggang kanluran. Nagsusunog sila ng insenso at nag-aalay ng malilinis na handog para sa akin. Ako'y pinaparangalan nilang lahat.

[12]Ngunit dinudungisan ninyo ang pangalan ko tuwing sinasabi ninyo na walang kabuluhan ang aking altar at tuwing naghahandog kayo doon ng mga pagkaing walang halaga!

[13]Sinasabi ninyong nakakapagod na ang lahat ng ito at iniismiran pa ninyo ako. At kung hindi naman nakaw o pilay, maysakit ang dala ninyong hayop na panghandog sa akin. Akala ba ninyo'y tatanggapin ko iyon?

[14]Sumpain ang sinumang nandaraya sa paghahandog sa akin ng hayop na may kapintasan, gayong may ipinangako siyang malusog na hayop mula sa kanyang kawan. Ako'y isang Haring dakila at kinatatakutan ng lahat ng bansa."

## Malakias 2

[1]Sinabi rin ni Yahweh sa mga pari:

[2]"Kung hindi ninyo ito papakinggan at isasapuso bilang pagpaparangal sa aking pangalan, susumpain ko kayo at ang mga pagpapalang tinatanggap ninyo bilang mga pari. Sa katunayan, sinumpa ko na ang mga iyon, sapagkat hindi ninyo isinasapuso ang aking utos.

[3]Paparusahan ko ang inyong mga anak at ipapahid ko sa inyong mukha ang dumi ng mga hayop na inihahandog ninyo sa panahon ng mga kapistahan. Itatapon din kayo sa tambakan ng dumi.

[4]Dahil dito'y malalaman ninyo na ibinigay ko sa inyo ang utos na ito, upang magpatuloy ang aking tipan kay Levi," wika ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

[5]"Sa tipang iyon, pinangakuan ko siya ng buhay at katiwasayan, at ipinagkaloob ko nga ito sa kanya, upang igalang niya ako. Iginalang naman niya ako at kinatakutan.

[6]Itinuro niya ang tama at hindi ang mali. Namuhay siya ng matuwid at matapat sa akin at tinulungan ang maraming tao upang huwag nang gumawa ng kasamaan.

[7]Tungkulin ng mga pari na ituro ang tunay na kaalaman tungkol sa Diyos. Sila ang dapat sangguniin ng mga tao tungkol sa aking kalooban, sapagkat sila ang mga sugo ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

[8]"Subalit lumihis kayo sa daang matuwid at marami ang nabulid sa kasamaan dahil sa inyong katuruan. Sinira ninyo ang aking kasunduan kay Levi," sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9“Kaya, hahayaan kong kamuhian at hamakin kayo ng mga tao sapagkat hindi ninyo sinusunod ang aking kalooban at hindi pantay-pantay ang inyong pakikitungo sa mga tao kapag sila'y tinuturuan ninyo.”

### Ang Pagtataksil ng Israel

10Hindi ba iisa ang ating Ama? Hindi ba't iisang Diyos ang lumalang sa atin? Kung gayo'y bakit nagtataksil tayo sa isa't isa at nilalapastangan ang tipan ng ating mga ninuno?

11Sumira ang Juda sa kanyang pangako sa Diyos at dahil dito'y naganap sa Israel at sa Jerusalem ang isang kasumpa-sumpang pangyayari. Niyurakan nila ang Templo na pinakamamahal ni Yahweh. Ang mga lalaki'y nag-asawa sa mga babaing sumasamba sa ibang mga diyos.

12Puksain nawa ni Yahweh sa bansang Israel ang sinumang gumagawa nito at huwag na silang pahintulutan pang makibahagi sa paghahandog kay Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

13Kahit pa diligin ninyo ng luha ang altar niya, kahit pa manangis kayo't dumaing, hindi na niya kaluluguran ang mga handog ninyo sa kanya.

14Itinatanong ninyo kung bakit. Saksi si Yahweh na kayo'y sumira sa pangako ninyo sa inyong asawang pinakasalan ninyo nang kayo'y kabataan pa. Sumira kayo sa pangako ninyo sa kanya, bagama't nangako kayong magiging tapat sa kanya.

15Hindi ba't pinag-isa kayo ng Diyos sa katawan at sa espiritu? Ang layunin niya ay upang maging tunay na mga anak ng Diyos ang inyong mga supling. Kaya't huwag ninyong pagtaksilan ang babaing pinakasalan ninyo nang kayo'y kabataan pa.

16“Nasusuklam ako sa pagpapalayas at paghihiwalay ng mga mag-asawa,” sabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel. “Napopoot ako sa taong gumagawa ng kalupitan sa kanyang asawa. Kaya nga maging tapat kayo sa inyong asawa.”

### Ang Nalalapit na Araw ng Paghatol

17Sawang-sawa na si Yahweh sa inyong mga sinasabi. Subalit itinatanong pa ninyo, “Bakit siya nagsasawa?” Sinasabi ninyong mahal ni Yahweh ang mga gumagawa ng kasamaan at nalulugod siya sa kanila. Itinatanong din ninyo, “Nasaan ang Diyos na makatarungan?”

## Malakias 3

1Sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, “Ipadadala ko ang aking sugo upang ihanda ang daraanan ko. At si Yahweh na inyong hinahanap ay biglang darating sa kanyang templo. Darating ang pinakahihintay ninyong sugo at ipahahayag ang aking tipan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Ngunit sino ang makakatagal pagdating ng araw na iyon? Sino ang makakaharap kapag napakita na siya? Para siyang apoy na nagpapadalisay sa bakal at parang sabon na may matapang na sangkap.

3Darating siya at mauupong tulad ng isang tagapagdalisay ng pilak. Dadalisayin niya ang mga anak na lalaki ni Levi katulad ng ginto at pilak at sa pamamagitan nito'y magiging karapat-dapat ang kanilang handog kay Yahweh.

4Dahil dito, ang mga handog na dadalhin ng mga taga-Juda at Jerusalem ay magiging kalugud-lugod kay Yahweh, tulad ng dati.

5Sinabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, "Darating ako upang hatulan ang mga mangkukulam, ang mga mangangalunya, ang mga bulaang saksi, ang mga nandaraya sa kanilang mga manggagawa, ang mga nagsasamantala sa mga biyuda, sa mga ulila't mga dayuhan at ang mga hindi gumagalang sa akin."

### Ang Pagbibigay ng Ikasampung Bahagi

6"Ako si Yahweh. Hindi pa kayo lubusang nalilipol sapagkat hindi ako nagbabago sa aking pangako.

7Subalit tulad ng inyong mga ninuno, tumalikod kayo at sinuway ninyo ang aking mga kautusan. Manumbalik kayo sa akin at manunumbalik din ako sa inyo," sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat. Itinatanong ninyo, 'Paano kami manunumbalik sa inyo?'

8"Ang tanong ko nama'y, matuwid bang pagnakawan ng tao ang Diyos? Hindi! Ngunit pinagnanakawan ninyo ako. Sa paanong paraan? Sa mga ikasampung bahagi at mga handog.

9Isinumpa ko kayong lahat sapagkat ako'y pinagnanakawan ng buong bansa.

10Dalhin ninyo nang buong-buo ang inyong mga ikasampung bahagi sa tahanan ng Diyos upang matugunan ang pangangailangan sa aking tahanan. Subukin ninyo ako sa bagay na ito, kung hindi ko buksan ang mga bintana ng langit at ibuhos sa inyo ang masaganang pagpapala.

11Hindi ko rin hahayaang salantain ng mga balang ang inyong mga pananim at mamumunga na nang sagana ang inyong mga ubasan.

12Dahil dito'y sasabihin ng lahat ng bansa na kayo'y mapalad sapagkat napakainam manirahan sa inyong lupain," sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

### Ang Pangako

13"Masasakit ang sinabi ninyo tungkol sa akin," sabi ni Yahweh. "Ngunit ang tanong ninyo, 'Ano ba ang sinabi namin laban sa inyo?'

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Sabi ninyo, ‘Walang saysay ang maglingkod sa Diyos. Ano ba ang mapapala natin sa pagsunod sa kanyang mga utos o sa pagpapakita natin kay Yahweh na nagsisisi tayo sa nagawa nating kasalanan?

15Hindi ba't kung sino ang palalo ay siya pang pinagpapala? Hindi lamang nananagana ang masasama kundi sinusubok pa nila ang Diyos sa paggawa nila ng kasamaan ngunit hindi sila pinaparusahan.'”

16Pagkatapos, nag-usap-usap ang mga taong may paggalang kay Yahweh. Pinakinggan niyang mabuti ang kanilang usapan, kaya ipinatala niya sa isang aklat ang mga pangalan ng mga gumagalang sa kanya.

17“Magiging akin sila,” sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat. “Sa araw na ako'y kumilos, itatangi ko sila bilang sariling akin. Ililigtas ko sila, tulad ng pagliligtas ng isang ama sa anak na naglilingkod sa kanya.

18Muli ninyong makikita ang pagkakaiba ng mabuti at ng masama, ng taong naglilingkod sa Diyos at ng hindi naglilingkod sa kanya.”

## Malakias 4

### Ang Darating na Araw ni Yahweh

1“Darating ang araw na gaya ng isang nagbabagang hurno, tutupukin ang mga palalo at masasama gaya ng dayami at walang matitira sa kanila,” sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

2“Ngunit sa inyo na nagpaparangal sa akin ay sisikat ang aking katarungan na tulad ng araw, at ang sinag nito'y magpapagaling sa inyo. Lulundag kayo sa tuwa na parang mga guyang pinalaya sa kulungan.

3Sa araw na ako'y kumilos, magtatagumpay kayo laban sa masasama at sila'y tatapakan ninyo na parang alabok,” sabi ni Yahweh.

4“Alalahanin ninyo ang mga itinuro ni Moises, ang mga tuntunin at kautusang ibinigay ko sa kanya sa Bundok ng Sinai, upang sundin ng bansang Israel.

5“Ngunit bago dumating ang kakila-kilabot na araw ni Yahweh, isusugo ko sa inyo si Propeta Elias.

6Muling magkakasundo ang mga ama at ang mga anak. Kung hindi'y mapipilitan akong magtungo riyan at ganap na wasakin ang inyong bayan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Filipino (Tagalog) - All Bible

(Magandang Balita Biblia)

## Mateo

## Mateo 1

### Talaan ng mga Ninuno ni Jesu-Cristo

(Lu. 3:23-38)

1 Ito ang talaan ng mga ninuno ni Jesu-Cristo na mula sa angkan ni David na mula naman sa lahi ni Abraham.

2-6a Mula kay Abraham hanggang kay Haring David, ang mga ninuno ni Jesus ay sina: Abraham, Isaac, Jacob na ama ni Juda at ng kanyang mga kapatid; Juda na ama ni Fares at Zara kay Tamar; Fares, Esrom, Aram, Aminadab, Naason, Salmon, Boaz na anak ni Salmon kay Rahab; Obed na anak ni Boaz kay Ruth; at Jesse na ama ni Haring David.

6b-11 Mula naman kay Haring David hanggang sa naging bihag ang mga taga-Juda sa Babilonia, ang mga ninuno ni Jesus ay sina: David, Solomon na anak ni Haring David sa asawa ni Urias, Rehoboam, Abias, Asa, Jehoshafat, Joram, Ozias, Jotam, Acaz, Ezequias, Manases, Ammon, Josias, Jeconias at ang mga kapatid nito.

12-16 At pagkatapos na sila'y maging bihag sa Babilonia hanggang sa ipanganak si Jesus, ang mga ninuno niya ay sina: Jeconias, Salatiel, Zerubabel, Abiud, Eliakim, Azor, Sadoc, Aquim, Eliud, Eleazar, Matan, Jacob, at si Jose na asawa ni Maria. Si Maria ang ina ni Jesus—ang tinatawag na Cristo.

17 Samakatuwid, may labing-apat na salinlahi mula kay Abraham hanggang kay David, labing-apat mula kay David hanggang sa pagkabihag ng mga Israelita sa Babilonia at labing-apat din mula sa pagkabihag sa Babilonia hanggang kay Cristo.

### Isinilang si Jesu-Cristo

(Lu. 2:1-7)

18 Ito ang naganap nang ipanganak si Jesu-Cristo. Si Maria na kanyang ina at si Jose ay nakatakda nang magpakasal. Ngunit bago sila makasal, nagdadalang-tao na si Maria sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

19 Subalit dahil isang matuwid na tao si Jose na kanyang mapapangasawa, at ayaw nitong malagay sa kahihiyan si Maria, binalak niyang hiwalayan si Maria nang palihim.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

20Ngunit habang pinag-iisipan ito ni Jose, nagpakita sa kanya sa panaginip
ang isang anghel ng Panginoon. Sinabi nito sa kanya, “Jose, anak ni David,
huwag kang matakot na pakasalan si Maria, sapagkat ang sanggol na
dinadala niya ay mula sa Espiritu Santo.

21Magsisilang siya ng isang batang lalaki at Jesus ang ipapangalan mo sa
sanggol sapagkat ililigtas niya ang kanyang bayan sa kanilang mga
kasalanan.”

22Nangyari nga ang lahat ng ito upang matupad ang sinabi ng Panginoon sa
pamamagitan ng propeta,

23“Maglilihi ang isang birhen at magsisilang ng isang sanggol na lalaki, at
tatawagin itong Emmanuel”

(ang kahulugan nito'y “Kasama natin ang Diyos”).

24Nang magising si Jose, sinunod niya ang utos ng anghel ng Panginoon at
pinakasalan niya si Maria.

25Ngunit hindi niya sinipingan si Maria hanggang magsilang ito ng isang
anak na lalaki. At Jesus nga ang ipinangalan ni Jose sa sanggol.

## Mateo 2

### Ang Pagdalaw kay Jesus

1Panahon ng paghahari ni Herodes sa Judea nang ipanganak si Jesus sa
Bethlehem. May mga pantas mula pa sa silangan na dumating sa
Jerusalem.

2Nagtanung-tanong sila, “Nasaan ang ipinanganak na hari ng mga Judio?
Nakita namin sa silangan ang kanyang bituin, kaya't naparito kami upang
siya'y sambahin.”

3Nang mabalitaan ito ni Haring Herodes, siya'y naligalig, gayundin ang
buong Jerusalem.

4Kaya't tinipon niya ang lahat ng mga punong pari at mga tagapagturo ng
Kautusan at sila'y tinanong, “Saan ba isisilang ang Cristo?”

5Tumugon sila, “Sa Bethlehem po, sapagkat ganito ang isinulat ng propeta:

6‘At Ikaw, Bethlehem, sa lupain ng Juda, ay hindi pinakahamak sa mga
pangunahing bayan ng Juda. Sapagkat sa iyo magmumula ang isang pinuno
na mamamahala sa aking bayang Israel.’”

7Nang mabatid ito, palihim na ipinatawag ni Herodes ang mga pantas at
inusisa kung kailan lumitaw ang bituin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Pagkatapos, sila ay pinapunta niya sa Bethlehem na ganito ang bilin, “Hanapin ninyong mabuti ang sanggol. Kapag natagpuan ninyo siya, ipagbigay-alam agad ninyo sa akin upang ako man ay pumunta roon at sumamba rin sa kanya.”

9Pagkarinig sa bilin ng hari, sila'y nagpatuloy sa paghahanap. Ang bituin na nanguna sa kanila mula pa sa silangan ay tumigil sa tapat ng kinaroroonan ng bata.

10Ganoon na lamang ang kanilang kagalakan nang makita ang bituin.

11Pagpasok sa bahay, nakita nila ang bata sa piling ni Maria na kanyang ina. Nagpatirapa sila at sinamba ang bata. Inihandog din nila sa kanya ang mga dala nilang ginto, insenso at mira.

12Nang papauwi na ang mga pantas, nakatanggap sila ng babala sa pamamagitan ng panaginip na huwag nang bumalik kay Herodes, kaya't nag-iba na sila ng daan pauwi.

**Ang Pagtakas Papunta sa Egipto**

13Pagkaalis ng mga pantas, nagpakita kay Jose sa panaginip ang isang anghel ng Panginoon. Sinabi nito sa kanya, “Bumangon ka't dalhin mo agad sa Egipto ang iyong mag-ina. At huwag kayong aalis doon hangga't hindi ko sinasabi sapagkat hahanapin ni Herodes ang bata upang patayin.”

14Bumangon nga si Jose at nang gabi ring iyon, dinala niya sa Egipto ang kanyang mag-ina.

15Doon sila nanirahan hanggang sa mamatay si Herodes. Sa gayon, natupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta: “Tinawag ko ang aking anak mula sa Egipto.”

**Ipinapatay ang Maliliit na Batang Lalaki**

16Galit na galit si Herodes nang malaman niyang nilinlang siya ng mga pantas. Kaya't ipinapatay niya ang lahat ng batang lalaki sa Bethlehem at sa palibot nito mula sa gulang na dalawang taon pababa, batay sa panahong sinabi sa kanya ng mga pantas.

17Sa gayon, natupad ang sinabi ni Propeta Jeremias:

18“Narinig sa Rama ang isang tinig, tinig ng pananangis at ng malakas na panaghoy. Tinatangisan ni Raquel ang kanyang mga anak. Ayaw niyang paaliw sapagkat patay na sila.”

**Ang Pagbalik mula sa Egipto**

19Pagkamatay ni Herodes, nagpakita kay Jose sa panaginip ang isang anghel ng Panginoon habang siya'y nasa Egipto.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Sinabi sa kanya ng anghel, “Bumangon ka. Dalhin mo na sa Israel ang iyong mag-ina sapagkat patay na ang mga nagtatangka sa buhay ng bata.”

[21]Kaya't bumangon nga si Jose at dinala sa Israel ang kanyang mag-ina.

[22]Ngunit nang mabalitaan niyang naghahari sa Judea si Arquelao na anak ni Herodes, natakot siyang pumunta roon. At dahil binigyan siya ng babala sa kanyang panaginip, sila ay tumuloy sa Galilea,

[23]at doon nanirahan sa bayan ng Nazaret. Sa gayon, natupad ang sinabi ng mga propeta: “Siya'y tatawaging Nazareno.”

## Mateo 3

### Ang Pangangaral ni Juan na Tagapagbautismo

(Mc. 1:1-8; Lu. 3:1-18; Jn. 1:19-28)

[1]Nang mga panahong iyon, dumating si Juan na Tagapagbautismo sa ilang ng Judea at nagsimulang mangaral.

[2]Ganito ang kanyang sinasabi, “Magsisi kayo at talikuran ang inyong mga kasalanan sapagkat malapit nang dumating ang kaharian ng langit!”

[3]Si Juan ang tinutukoy ni Propeta Isaias nang sabihin niya, “Ito ang pahayag ng isang taong sumisigaw sa ilang: ‘Ihanda ninyo ang daraanan ng Panginoon, gumawa kayo ng mga tuwid na landas na kanyang lalakaran!’”

[4]Gawa sa balahibo ng kamelyo ang damit ni Juan at sa balat naman ng hayop ang kanyang sinturon. Ang kanya namang pagkain ay balang at pulot-pukyutan.

[5]Dinarayo siya ng mga tao mula sa Jerusalem, sa buong Judea at sa magkabilang panig ng Ilog Jordan.

[6]Ipinapahayag nila ang kanilang mga kasalanan at sila'y binautismuhan niya sa Ilog Jordan.

[7]Nang makita niyang lumalapit din sa kanya ang maraming Pariseo at mga Saduseo upang magpabautismo, sinabi niya sa kanila, “Lahi ng mga ulupong! Akala ba ninyo'y makakatakas kayo sa parusa ng Diyos?

[8]Patunayan muna ninyo sa inyong mga buhay na kayo'y talagang nagsisisi,

[9]at huwag ninyong akalain na makakaiwas kayo sa parusa ng Diyos dahil sinasabi ninyong ama ninyo si Abraham. Sinasabi ko sa inyo na kahit sa mga batong ito ay makakalikha ang Diyos ng mga anak ni Abraham.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Ngayon pa lamang ay nakaamba na ang palakol sa ugat ng mga punongkahoy; ang bawat punong hindi mabuti ang bunga ay puputulin at itatapon sa apoy.

11“Binabautismuhan ko kayo sa tubig bilang patunay ng inyong pagsisisi at pagtalikod sa kasalanan. Ngunit ang darating na kasunod ko ay magbabautismo sa inyo sa Espiritu Santo at sa apoy. Higit siyang makapangyarihan kaysa akin; ni hindi man lamang ako karapat-dapat magdala ng kanyang sandalyas.

12Hawak na niya ang kanyang kalaykay upang alisin ang dayami. Titipunin niya sa kamalig ang trigo ngunit ang ipa ay susunugin sa apoy na di mamamatay kailanman.”

### Binautismuhan si Jesus

(Mc. 1:9-11; Lu. 3:21-22)

13Dumating si Jesus sa Ilog Jordan mula sa Galilea upang magpabautismo kay Juan.

14Ngunit tinangka ni Juan na pigilan siya at sinabi, “Ako po ang dapat magpabautismo sa inyo! Bakit kayo nagpapabautismo sa akin?”

15Subalit sumagot si Jesus, “Hayaan mong ito ang mangyari ngayon, sapagkat ito ang nararapat nating gawin upang matupad ang kalooban ng Diyos.” Kaya't pumayag din si Juan.

16Nang mabautismuhan si Jesus, kaagad siyang umahon sa tubig. Nabuksan ang langit at nakita ni Jesus ang Espiritu ng Diyos na bumababang parang isang kalapati at dumapo sa kanya.

17At isang tinig mula sa langit ang nagsabi, “Ito ang minamahal kong Anak na lubos kong kinalulugdan!”

## Mateo 4

### Ang Pagtukso kay Jesus

(Mc. 1:12-13; Lu. 4:1-13)

1Pagkatapos, si Jesus ay dinala ng Espiritu sa ilang upang tuksuhin ng diyablo.

2Siya'y nag-ayuno sa loob ng apatnapung araw at apatnapung gabi kaya't siya'y nagutom.

3Dumating ang diyablo at sinabi sa kanya, “Kung ikaw ang Anak ng Diyos, gawin mo ngang tinapay ang mga batong ito.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Ngunit sumagot si Jesus, “Nasusulat, ‘Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat salitang nagmumula sa bibig ng Diyos.’”

5Pagkatapos, dinala siya ng diyablo sa Jerusalem, ang banal na lungsod, at pinatayo sa taluktok ng Templo.

6Sinabi nito sa kanya, “Kung ikaw ang Anak ng Diyos, magpatihulog ka, sapagkat nasusulat, ‘Sa kanyang mga anghel, ika'y itatagubilin, at sa kanilang mga kamay, ika'y aalalayan, nang sa mga bato, paa mo'y hindi masaktan.’”

7Ngunit sumagot si Jesus, “Nasusulat din naman, ‘Huwag mong susubukin ang Panginoon mong Diyos.’”

8Pagkatapos, dinala siya ng diyablo sa isang napakataas na bundok at ipinakita sa kanya ang lahat ng kaharian sa daigdig at ang karangyaan ng mga ito.

9Sinabi ng diyablo sa kanya, “Ibibigay ko sa iyo ang lahat ng ito kung magpapatirapa ka at sasamba sa akin.”

10Kaya't sumagot si Jesus, “Lumayas ka Satanas! Sapagkat nasusulat, ‘Ang Panginoon mong Diyos ang dapat mong sambahin. At siya lamang ang dapat mong paglingkuran.’”

11Pagkatapos, iniwan na siya ng diyablo. Dumating naman ang mga anghel at siya'y pinaglingkuran nila.

### Ang Simula ng Paglilingkod ni Jesus sa Galilea

(Mc. 1:14-15; Lu. 4:14-15)

12Nang mabalitaan ni Jesus na ibinilanggo si Juan, bumalik siya sa Galilea.

13Ngunit hindi na siya sa Nazaret nanirahan, kundi sa bayan ng Capernaum na nasa baybayin ng Lawa ng Galilea na sakop ng Zebulun at Neftali.

14Sa gayon, natupad ang sinabi ni Propeta Isaias,

15“Lupain ng Zebulun at lupain ng Neftali, daanang papunta sa lawa, sa ibayo ng Jordan, sa Galilea ng mga Hentil!

16Ang mga taong nasa kadiliman ay nakakita ng maningning na ilaw! Sa mga nakatira sa lilim ng kamatayan ay sumikat ang liwanag.”

17Magmula noon ay nangaral si Jesus. Itinuturo niyang, “Magsisi kayo at talikuran ang inyong mga kasalanan sapagkat malapit nang dumating ang kaharian ng langit.”

### Ang Pagtawag sa Apat na Mangingisda

(Mc. 1:16-20; Lu. 5:1-11)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Minsan, naglalakad si Jesus sa tabi ng Lawa ng Galilea. Nakita niyang
naghahagis ng lambat sa lawa ang dalawang mangingisda, si Simon na
tinatawag ding Pedro, at ang kapatid niyang si Andres.

19Sinabi ni Jesus sa kanila, “Sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong
mga mangingisda ng mga tao.”

20Noon di'y iniwan nila ang kanilang mga lambat at sumunod kay Jesus.

21Nagpatuloy siya ng paglalakad at nakita rin niya ang magkapatid na
Santiago at Juan na mga anak ni Zebedeo. Sila'y nasa bangka kasama ng
kanilang ama, at nag-aayos ng lambat. Tinawag din sila ni Jesus.

22Agad nilang iniwan ang bangka at ang kanilang ama, at sumunod kay
Jesus.

### Pangangaral at Pagpapagaling ni Jesus

(Lu. 6:17-19)

23Nilibot ni Jesus ang buong Galilea. Nagtuturo siya sa mga sinagoga at
ipinapangaral ang Magandang Balita tungkol sa paghahari ng Diyos.
Pinapagaling din niya ang lahat ng uri ng sakit at karamdaman ng mga tao.

24Ang balita tungkol sa kanya ay kumalat sa buong Siria kaya't dinadala sa
kanya ang lahat ng maysakit at mga nahihirapan dahil sa iba't ibang
karamdaman, mga sinasapian ng mga demonyo, mga may epilepsya at mga
paralitiko. Silang lahat ay kanyang pinagaling.

25Dahil dito, sinusundan siya ng napakaraming tao buhat sa Galilea, sa
Decapolis, Jerusalem, Judea, at maging sa ibayo ng Jordan.

## Mateo 5

### Ang Sermon sa Bundok

1Nang makita ni Jesus ang napakaraming tao, umakyat siya sa bundok.
Pagkaupo niya lumapit ang kanyang mga alagad

2at siya'y nagsimulang magturo sa kanila.

### Ang mga Pinagpala

(Lu. 6:20-23)

3“Pinagpala ang mga taong walang inaasahan kundi ang Diyos, sapagkat
kabilang sila sa kaharian ng langit.

4“Pinagpala ang mga nagdadalamhati, sapagkat aaliwin sila ng Diyos.

5“Pinagpala ang mga mapagpakumbaba, sapagkat mamanahin nila ang
daigdig.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[6]“Pinagpala ang mga may matinding hangarin na sumunod sa kalooban ng Diyos, sapagkat sila'y bibigyang kasiyahan ng Diyos.

[7]“Pinagpala ang mga mahahabagin, sapagkat kahahabagan sila ng Diyos.

[8]“Pinagpala ang mga may malinis na puso, sapagkat makikita nila ang Diyos.

[9]“Pinagpala ang mga gumagawa ng paraan para sa kapayapaan, sapagkat sila'y ituturing na mga anak ng Diyos.

[10]“Pinagpala ang mga inuusig nang dahil sa kanilang pagsunod sa kalooban ng Diyos, sapagkat kabilang sila sa kaharian ng langit.

[11]“Pinagpala ang mga nilalait at inuusig ng mga tao, at pinaparatangan ng lahat ng uri ng kasamaan [na pawang kasinungalingan] nang dahil sa akin.

[12]Magsaya kayo at magalak sapagkat malaki ang inyong gantimpala sa langit. Alalahanin ninyong inusig din ang mga propetang nauna sa inyo.”

### Asin at Ilaw

(Mc. 9:50; Lu. 14:34-35)

[13]“Kayo ang asin ng sangkatauhan. Ngunit kung ang asin ay mawalan na ng alat, paano pa ito mapapaalat muli? Hindi ba wala na itong kabuluhan kundi ang itapon at tapakan ng mga tao?

[14]“Kayo ang ilaw ng sanlibutan. Ang isang lungsod na nakatayo sa ibabaw ng burol ay hindi maitatago.

[15]Walang taong nagsisindi ng ilaw at pagkatapos ay inilalagay iyon sa ilalim ng banga. Sa halip, inilalagay iyon sa talagang patungan upang matanglawan ang lahat ng nasa bahay.

[16]Gayundin naman, dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harap ng mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at papurihan ang inyong Ama na nasa langit.”

### Katuruan tungkol sa Kautusan

[17]“Huwag ninyong akalaing naparito ako upang ipawalang-bisa ang Kautusan at ang mga Propeta. Naparito ako hindi upang ipawalang-bisa ang mga iyon kundi upang tuparin.

[18]Tandaan ninyo: maglalaho ang langit at ang lupa, ngunit ni isang tuldok o kudlit man ng Kautusan ay di mawawalan ng bisa hangga't hindi natutupad ang lahat.

[19]Kaya't sinumang magpawalang-bisa sa kaliit-liitang bahagi nito, at magturo nang gayon sa mga tao, ay magiging pinakamababa sa kaharian ng langit. Ngunit ang sumusunod sa Kautusan at nagtuturo sa mga tao na tuparin iyon ay magiging dakila sa kaharian ng langit.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Sinasabi ko sa inyo, kung ang pagsunod ninyo sa kalooban ng Diyos ay tulad lamang ng pagsunod ng mga tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo, hinding-hindi kayo makakapasok sa kaharian ng langit.”

### Ang Katuruan tungkol sa Pagkagalit

[21]“Narinig ninyo na sinabi sa inyong mga ninuno, ‘Huwag kang papatay; ang sinumang pumatay ay mananagot sa hukuman.’

[22]Ngunit sinasabi ko naman sa inyo, ang sinumang napopoot sa kanyang kapatid ay mananagot sa hukuman, ang humahamak sa kanyang kapatid ay mananagot sa Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio, at sinumang magsabi sa kanyang kapatid, ‘Ulol ka!’ ay manganganib na maparusahan sa apoy ng impiyerno.

[23]Kaya't kung mag-aalay ka ng handog sa dambana para sa Diyos at naalala mong may sama ng loob sa iyo ang iyong kapatid,

[24]iwan mo muna ang iyong handog sa harap ng dambana at makipagkasundo ka sa kanya. Pagkatapos, magbalik ka at maghandog sa Diyos.

[25]“Kung may ibig magsakdal sa iyo, makipag-ayos ka agad sa kanya bago makarating sa hukuman ang inyong kaso. Kung hindi ay dadalhin ka niya sa hukom, at ibibigay ka nito sa tanod, at ikukulong ka naman sa bilangguan.

[26]Tandaan mo: hindi ka makakalabas doon hangga't hindi mo nababayaran ang kahuli-hulihang barya na dapat mong bayaran.”

### Ang Katuruan Laban sa Pangangalunya

[27]“Narinig ninyong sinabi, ‘Huwag kang mangangalunya.’

[28]Ngunit sinasabi ko sa inyo, ang sinumang tumingin sa isang babae nang may pagnanasa ay nangangalunya na sa babaing iyon sa kanyang puso.

[29]Kung ang kanang mata mo ay nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, dukitin mo ito at itapon! Mabuti pang mawalan ka ng isang bahagi ng iyong katawan kaysa ang buo mong katawan ang itapon sa impiyerno.

[30]Kung ang iyong kanang kamay naman ay nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, putulin mo ito at itapon! Mabuti pang mawalan ka ng isang bahagi ng iyong katawan kaysa ang buo mong katawan ang itapon sa impiyerno.”

### Paghihiwalay Dahil sa Pangangalunya

(Mt. 19:9; Mc. 10:11-12; Lu. 16:18)

[31]“Sinabi rin naman, ‘Kapag makikipaghiwalay ang isang lalaki sa kanyang asawa, ito'y dapat niyang bigyan ng kasulatan ng paghihiwalay.’

[32]Ngunit sinasabi ko sa inyo, kapag nakipaghiwalay ang isang lalaki sa kanyang asawa, maliban kung ito ay nakikiapid, itinutulak niya ang kanyang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

asawa sa pangangalunya, at sinumang makipag-asawa sa babaing hiniwalayan ay nagkakasala rin ng pangangalunya."

### Katuruan tungkol sa Panunumpa

33"Narinig din ninyong sinabi sa inyong mga ninuno, 'Huwag kang susumpa nang walang katotohanan; sa halip, tuparin mo ang iyong sinumpaang panata sa Panginoon.'

34Ngunit sinasabi ko sa inyo, huwag kayong manunumpa kapag kayo'y nangangako. Huwag ninyong sasabihing, 'Saksi ko ang langit,' sapagkat ito'y trono ng Diyos;

35o kaya'y, 'Saksi ko ang lupa,' sapagkat ito'y kanyang tuntungan. Huwag din ninyong sasabihing, 'Saksi ko ang Jerusalem,' sapagkat ito'y lungsod ng dakilang Hari.

36Huwag mo ring ipanumpa ang iyong ulo, sapagkat ni isang buhok sa iyong ulo ay hindi mo kayang paputiin o paitimin.

37Sabihin mo na lang na 'Oo' kung oo at 'Hindi' kung hindi, sapagkat ang anumang sumpang idaragdag dito ay buhat na sa Masama."

### Katuruan Laban sa Paghihiganti
(Lu. 6:29-30)

38"Narinig ninyong sinabi, 'Mata sa mata at ngipin sa ngipin.'

39Ngunit sinasabi ko sa inyo, huwag kayong gumanti sa masamang tao. Kung sinampal ka sa kanang pisngi, iharap mo rin sa kanya ang kaliwa.

40Kung isakdal ka ninuman upang makuha ang iyong damit, ibigay mo ito sa kanya pati ang iyong balabal.

41Kung pilitin ka ng isang kawal na pasanin ang kanyang dala ng isang milya, pasanin mo iyon ng dalawang milya.

42Bigyan mo ang nanghihingi sa iyo at huwag mong tanggihan ang nanghihiram sa iyo."

### Pagmamahal sa Kaaway
(Lu. 6:27-28, 32-36)

43"Narinig ninyong sinabi, 'Ibigin mo ang iyong kapwa at kamuhian mo ang iyong kaaway.'

44Ngunit ito naman ang sinasabi ko, ibigin ninyo ang inyong mga kaaway at ipanalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo,

45upang kayo'y maging tunay na mga anak ng inyong Ama na nasa langit. Sapagkat pinasisikat niya ang araw sa mabubuti gayon din sa masasama, at nagpapaulan siya sa mga matuwid at sa mga di-matuwid.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

46“Kung ang mga nagmamahal sa inyo ang siya lamang ninyong mamahalin,
anong gantimpala ang inyong maaasahan? Hindi ba't ginagawa rin iyan ng
mga maniningil ng buwis?

47At kung ang mga kapatid lamang ninyo ang inyong binabati, ano ang
ginagawa ninyong higit kaysa iba? Hindi ba't ginagawa rin iyan ng mga
Hentil?

48Kaya maging ganap kayo, gaya ng inyong Ama na nasa langit.”

## Mateo 6

### Katuruan tungkol sa Paglilimos

1“Pag-ingatan ninyong hindi pakitang-tao ang pagtupad ninyo sa inyong
mga tungkulin sa Diyos. Kapag ganyan ang ginawa ninyo, wala kayong
matatamong gantimpala buhat sa inyong Ama na nasa langit.

2“Kaya nga, kapag nagbibigay ka ng limos, huwag mo nang ipag-ingay pa
gaya ng ginagawa ng mga mapagkunwari sa mga sinagoga at sa mga
lansangan upang sila'y purihin ng mga tao. Tandaan ninyo: tinanggap na
nila ang kanilang gantimpala.

3Sa halip, kapag nagbibigay ka ng limos, huwag mo nang ipaalam ito maging
sa matalik mong kaibigan.

4Gawin mong lihim ang iyong pagbibigay ng limos at ang iyong Ama na
nakakakita ng kabutihang ginagawa mo nang lihim ang siyang magbibigay
ng gantimpala sa iyo.”

### Katuruan tungkol sa Pananalangin

(Lu. 11:2-4)

5“Kapag nananalangin kayo, huwag kayong tumulad sa mga mapagkunwari.
Mahilig silang manalanging nakatayo sa mga sinagoga at sa mga kanto
upang makita ng mga tao. Tandaan ninyo: tinanggap na nila ang kanilang
gantimpala.

6Ngunit kapag mananalangin ka, pumasok ka sa iyong silid at isara mo ang
pinto. Saka ka manalangin sa iyong Ama na hindi mo nakikita, at ang iyong
Ama na nakakakita ng ginagawa mo nang lihim ang siyang magbibigay sa
iyo ng gantimpala.

7“Sa pananalangin ninyo'y huwag kayong gagamit ng maraming salitang
walang kabuluhan, gaya ng ginagawa ng mga Hentil. Ang akala nila'y
papakinggan sila ng Diyos dahil sa haba ng kanilang sinasabi.

8Huwag ninyo silang tutularan. Alam na ng inyong Ama na nasa langit ang
inyong kailangan bago pa ninyo ito hingin sa kanya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Ganito kayo mananalangin, ‘Ama naming nasa langit, sambahin nawa ang iyong pangalan.

10Dumating nawa ang iyong kaharian. Masunod nawa ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit.

11Bigyan mo kami ng aming pagkain sa araw-araw;

12at patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa mga nagkakasala sa amin.

13At huwag mo kaming hayaang matukso, kundi iligtas mo kami sa Masama! [Sapagkat iyo ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailanman! Amen.]’

14“Sapagkat kung pinapatawad ninyo ang mga nagkakasala sa inyo, patatawarin din kayo ng inyong Ama na nasa langit.

15Ngunit kung hindi ninyo pinapatawad ang inyong kapwa, hindi rin patatawarin ng inyong Ama ang inyong mga kasalanan.”

### Katuruan tungkol sa Pag-aayuno

16“Kapag kayo'y nag-aayuno, huwag kayong magmukhang malungkot tulad ng mga mapagkunwari. Hindi sila nag-aayos ng sarili upang mapansin ng mga tao na sila'y nag-aayuno. Tandaan ninyo: tinanggap na nila ang kanilang gantimpala.

17Sa halip, kapag nag-aayuno ka, maghilamos ka, lagyan mo ng langis at ayusin mo ang iyong buhok

18upang huwag mapansin ng mga tao na ikaw ay nag-aayuno. Ang iyong Ama na hindi mo nakikita ang tanging makakaalam nito. Siya, na nakakakita ng ginagawa mo nang lihim, ang siyang magbibigay ng gantimpala sa iyo.”

### Ang Kayamanan sa Langit
(Lu. 12:33-34)

19“Huwag kayong mag-impok ng mga kayamanan dito sa lupa; dito'y may naninirang insekto at kalawang, at may nakakapasok na magnanakaw.

20Sa halip, mag-impok kayo ng kayamanan sa langit; doo'y walang naninirang insekto at kalawang, at walang nakakapasok na magnanakaw.

21Sapagkat kung saan naroroon ang iyong kayamanan, naroroon din ang iyong puso.”

### Ang Ilaw ng Katawan
(Lu. 11:34-36)

22“Ang mata ang ilaw ng katawan. Kung malinaw ang iyong paningin, mapupuno ng liwanag ang iyong buong katawan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Ngunit kung malabo ang iyong paningin, mapupuno ng kadiliman ang iyong buong katawan. At kung ang ilaw mo'y madilim, ikaw nga ay tunay na nasa kadiliman."

### Diyos o Kayamanan?

(Lu. 16:13; 12:22-31)

24"Walang aliping makakapaglingkod sa dalawang panginoon, sapagkat kapopootan niya ang isa at iibigin ang ikalawa, paglilingkuran nang tapat ang isa at hahamakin ang ikalawa. Hindi ninyo maaaring paglingkuran nang pareho ang Diyos at ang kayamanan.

25"Kaya't sinasabi ko sa inyo, huwag kayong mabalisa tungkol sa inyong kakainin at sa [inyong iinumin] upang kayo'y mabuhay o kaya'y tungkol sa susuutin ng inyong katawan. Hindi ba't ang buhay ay higit na mahalaga kaysa pagkain at ang katawan kaysa damit?

26Masdan ninyo ang mga ibon. Hindi sila nagtatanim ni umaani man o kaya'y nagtitipon sa kamalig, ngunit pinapakain sila ng inyong Ama na nasa langit. Hindi ba't higit kayong mahalaga kaysa mga ibon?

27Sino sa inyo ang makakapagpahaba ng kanyang buhay nang kahit isang oras sa pamamagitan ng kanyang pagkabalisa?

28"At bakit kayo nababalisa tungkol sa pananamit? Isipin ninyo kung paano tumutubo ang mga bulaklak sa parang; hindi sila nagtatrabaho ni gumagawa ng damit.

29Ngunit sinasabi ko sa inyo, kahit si Solomon sa kanyang karangyaan ay hindi nakapagdamit nang singganda ng isa sa mga bulaklak na ito.

30Kung dinadamitan ng Diyos ang damo sa parang, na buháy ngayon, at kinabukasan ay iginagatong sa kalan, kayo pa kaya? Kay liit ng inyong pananampalataya sa kanya!

31"Kaya't huwag kayong mag-alala na baka kayo kapusin sa pagkain, inumin o damit.

32Hindi ba't ang mga Hentil ang nababahala tungkol sa mga bagay na ito? Alam na ng inyong Ama na nasa langit na kailangan ninyo ang lahat ng ito.

33Ngunit higit sa lahat ay bigyang-halaga ninyo ang kaharian [ng Diyos] at ang pamumuhay nang ayon sa kanyang kalooban, at ibibigay niya sa inyo ang lahat ng mga bagay na ito.

34"Kaya nga, huwag ninyong alalahanin ang bukas; sapagkat ang bukas ang mag-aalala sa sarili niya. Sapat na ang inyong mga suliranin sa bawat araw."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mateo 7

### Paghatol sa Kapwa

(Lu. 6:37-38, 41-42)

1“Huwag kayong humatol, nang kayo'y di hatulan.

2Sapagkat hahatulan kayo ng Diyos ayon sa paghatol ninyo sa iba, at susukatin kayo ayon sa panukat na ginagamit ninyo sa iba.

3Bakit mo pinapansin ang puwing sa mata ng iyong kapatid ngunit hindi mo pinapansin ang trosong nasa iyong mata?

4Paano mong masasabi sa iyong kapatid, ‘Halika't aalisin ko ang puwing mo,’ gayong troso ang nasa mata mo?

5Mapagkunwari! Alisin mo muna ang trosong nasa iyong mata at sa gayon, makakakita kang mabuti at maaalis mo ang puwing ng iyong kapatid.

6“Huwag ninyong ibigay sa mga aso ang banal na bagay, baka pagkatapos ay kayo pa ang balingan at sakmalin nila. Huwag ninyong ihagis sa baboy ang inyong mga perlas sapagkat yuyurakan lamang nila ang mga iyon.”

### Humingi, Humanap, Kumatok

(Lu. 11:9-13)

7“Humingi kayo at kayo'y bibigyan; humanap kayo at kayo'y makakatagpo; kumatok kayo at kayo'y pagbubuksan.

8Sapagkat ang bawat humihingi ay tatanggap; ang bawat humahanap ay makakatagpo; at ang bawat kumakatok ay pagbubuksan.

9Bibigyan ba ninyo ng bato ang inyong anak kapag siya'y humihingi ng tinapay?

10Bibigyan ba ninyo siya ng ahas kapag siya'y humihingi ng isda?

11Kung kayong masasama ay marunong magbigay ng mabubuting bagay sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit? Bibigyan niya ng mabubuting bagay ang sinumang humihingi sa kanya!

12“Gawin ninyo sa inyong kapwa ang nais ninyong gawin nila sa inyo. Ito ang buod ng Kautusan at ng mga isinulat ng mga propeta.”

### Ang Makipot na Pintuan

(Lu. 13:24)

13“Pumasok kayo sa makipot na pintuan. Sapagkat maluwang ang pintuan at malapad ang daang papunta sa kapahamakan, at ito ang dinaraanan ng marami.

14Ngunit makipot ang pintuan at makitid ang daang papunta sa buhay, at kakaunti ang nakakatagpo niyon.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Sa Gawa Makikilala
(Lu. 6:43-44)

15“Mag-ingat kayo sa mga huwad na propeta. Lumalapit sila sa inyo na parang tupa, ngunit ang totoo'y mababangis na asong-gubat.

16Makikilala ninyo sila sa kanilang mga gawa. Mapipitas ba ang ubas sa puno ng dawag, o ang igos sa matitinik na halaman?

17Mabuti ang bunga ng mabuting puno, subalit masama ang bunga ng masamang puno.

18Hindi maaaring mamunga ng masama ang mabuting puno at hindi maaaring mamunga ng mabuti ang masamang puno.

19Ang bawat punong hindi mabuti ang bunga ay puputulin at itatapon sa apoy.

20Kaya't makikilala ninyo ang mga huwad na propeta sa pamamagitan ng kanilang mga gawa.”

### Hindi Ko Kayo Kilala
(Lu. 13:25-27)

21“Hindi lahat ng tumatawag sa akin, ‘Panginoon, Panginoon,’ ay papasok sa kaharian ng langit, kundi ang mga taong sumusunod sa kalooban ng aking Ama na nasa langit.

22Sa Araw ng Paghuhukom marami ang magsasabi sa akin, ‘Panginoon, hindi po ba't sa iyong pangalan ay nangaral kami, nagpalayas ng mga demonyo at gumawa ng mga himala?’

23Ngunit sasabihin ko sa kanila, ‘Hindi ko kayo kilala. Lumayo kayo sa akin, kayong mga gumagawa ng kasamaan.’”

### Sa Bato o sa Buhanginan?
(Lu. 6:47-49)

24“Kaya't ang bawat nakikinig at nagsasagawa ng mga salita kong ito ay maitutulad sa isang taong matalino na nagtayo ng kanyang bahay na ang pundasyon ay bato.

25Umulan nang malakas, bumaha, at binayo ng malakas na hangin ang bahay na iyon, ngunit hindi nagiba sapagkat nakatayo iyon sa bato.

26Ang bawat nakikinig ng aking salita ngunit hindi naman nagsasagawa ng mga ito ay maitutulad naman sa isang taong hangal na nagtayo ng kanyang bahay sa buhanginan.

27Umulan nang malakas, bumaha at binayo ng malakas na hangin ang bahay. Ito ay bumagsak at lubusang nawasak.”

### Ang Kapangyarihan ni Jesus

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

28Namangha kay Jesus ang mga tao nang kanilang marinig ang kanyang pagtuturo

29sapagkat nagturo siya nang may kapangyarihan, hindi tulad ng mga tagapagturo ng Kautusan.

## Mateo 8

### Pinagaling ni Jesus ang Isang Ketongin

(Mc. 1:40-45; Lu. 5:12-16)

1Pagbaba ni Jesus mula sa bundok, sinundan siya ng napakaraming tao.

2Lumapit sa kanya ang isang taong may ketong, lumuhod sa harapan niya, at sinabi, “Panginoon, kung nais po ninyo, ako'y inyong mapapagaling at magagawang malinis.”

3Hinawakan siya ni Jesus at sinabi, “Oo, nais ko. Maging malinis ka.” Gumaling at luminis nga agad ang ketongin.

4Pagkatapos, sinabi sa kanya ni Jesus, “Huwag mong sasabihin ito kaninuman. Sa halip, pumunta ka at magpasuri sa pari. Pagkatapos, mag-alay ka ng handog na iniuutos ni Moises bilang patunay sa mga tao na ikaw nga'y magaling at malinis na.”

### Ang Pagpapagaling sa Katulong ng Kapitang Romano

(Lu. 7:1-10)

5Pagpasok ni Jesus sa Capernaum, lumapit sa kanya ang isang opisyal ng hukbong Romano at nakiusap,

6“Ginoo, ang aking katulong ay naparalisado. Siya po'y nakaratay sa bahay at lubhang nahihirapan.”

7Sinabi ni Jesus, “Pupuntahan ko siya at pagagalingin.”

8Ngunit sumagot sa kanya ang opisyal, “Ginoo, hindi po ako karapat-dapat na puntahan pa ninyo sa aking bahay. Sabihin lamang po ninyo at gagaling na ang aking katulong.

9Ako'y nasa ilalim ng mga nakakataas na pinuno at may nasasakupan ding mga kawal. Kapag inutusan ko ang isa, ‘Pumunta ka roon!’ siya'y pumupunta; at ang isa naman, ‘Halika!’ siya'y lumalapit. Kapag sinabi ko sa aking alipin, ‘Gawin mo ito!’ ginagawa nga niya iyon.”

10Namangha si Jesus nang marinig ito at sinabi niya sa mga taong sumusunod sa kanya, “Tandaan ninyo: hindi pa ako nakakita ng ganito kalaking pananampalataya sa buong Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Tandaan ninyo: marami ang darating buhat sa silangan at sa kanluran at dudulog sa hapag na kasalo nina Abraham, Isaac at Jacob sa kaharian ng langit.

12Ngunit ang mga taong dapat sana'y kasama sa kaharian ay itatapon sa kadiliman; mananangis sila doon at magngangalit ang kanilang mga ngipin."

13At sinabi ni Jesus sa opisyal, "Umuwi ka na; mangyayari ang hinihiling mo ayon sa iyong pananampalataya." Sa oras ding iyon ay gumaling ang katulong ng kapitan.

### Maraming Pinagaling si Jesus
(Mc. 1:29-34; Lu. 4:38-41)

14Pumunta si Jesus sa bahay ni Pedro at nakita niya roon ang biyenan nito na nakaratay at nilalagnat.

15Hinawakan ni Jesus ang kamay ng babae at nawala ang lagnat nito. Bumangon ang babae at naglingkod kay Jesus.

16Nang gabing iyon, dinala kay Jesus ang maraming sinasapian ng mga demonyo. Sa isang salita lamang ay pinalayas niya ang masasamang espiritu at pinagaling ang lahat ng may karamdaman.

17Sa gayon, natupad ang sinabi ni Propeta Isaias, "Inalis niya ang ating mga kahinaan, pinagaling ang ating mga karamdaman."

### Ang Paglilingkod kay Jesus
(Lu. 9:57-62)

18Nang makita ni Jesus ang mga tao sa kanyang paligid, iniutos niya sa mga alagad na maghandang tumawid sa kabilang ibayo.

19Lumapit sa kanya ang isang tagapagturo ng Kautusan at sinabi, "Guro, sasama po ako sa inyo saanman kayo pupunta."

20Ngunit sumagot si Jesus, "May mga lungga ang mga asong-gubat at may mga pugad ang mga ibon, ngunit wala man lamang matulugan o mapagpahingahan ang Anak ng Tao."

21Isa naman sa mga alagad ay nagsabi sa kanya, "Panginoon, maaari po bang umuwi muna ako upang ipalibing ko ang aking ama?"

22Ngunit sinabi sa kanya ni Jesus, "Sumunod ka sa akin at ipaubaya mo sa mga patay ang paglilibing ng kanilang mga patay."

### Pinatigil ni Jesus ang Bagyo sa Lawa
(Mc. 4:35-41; Lu. 8:22-25)

23Sumakay si Jesus sa bangka, kasama ng kanyang mga alagad.

24Habang sila'y naglalayag sa lawa, si Jesus ay natutulog. Biglang bumugso ang isang malakas na unos at halos matabunan ng mga alon ang bangka.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Kaya nilapitan ng mga alagad si Jesus at ginising. “Panginoon, iligtas ninyo kami! Mamamatay kami!” sabi nila.

26Ngunit sinabi niya sa kanila, “Bakit kayo natatakot? Napakaliit naman ng inyong pananampalataya!” Bumangon siya, pinatigil ang hangin at ang mga alon, at bumuti ang panahon.

27Namangha silang lahat at sinabi, “Ano kayang uri ng tao ito? Maging ang hangin at ang lawa ay sumusunod sa kanya!”

### Mga Gadarenong Pinalaya sa Pang-aalipin ng mga Demonyo

(Mc. 5:1-20; Lu. 8:26-39)

28Nang dumating si Jesus sa kabilang ibayo, sa lupain ng mga Gadareno, sinalubong siya ng dalawang lalaking sinasapian ng mga demonyo. Sila ay nakatira sa libingan. Napakababangis nila kaya't walang sinuman ang dumaraan doon.

29Biglang nagsisigaw ang dalawang lalaki, “Ano ang pakialam mo sa amin, Anak ng Diyos? Naparito ka ba upang pahirapan kami kahit hindi pa panahon?”

30Sa di-kalayuan ay may malaking kawan ng mga baboy na nagsisikain.

31Nakiusap sa kanya ang mga demonyo, “Kung palalayasin mo kami, papasukin mo kami sa mga baboy na iyon.”

32Sinabi ni Jesus, “Sige, lumayas kayo.” Lumabas nga sila sa dalawang lalaki at pumasok sa mga baboy. Ang buong kawan ay biglang tumakbo papunta sa bangin, nahulog sa lawa at nalunod.

33Nagtakbuhan papuntang bayan ang mga tagapag-alaga ng mga baboy. Pagdating doon, ipinamalita nila ang buong pangyayari, pati ang naganap sa mga lalaking sinapian ng mga demonyo.

34Kaya't lumabas ang buong bayan upang salubungin si Jesus. Pagkakita sa kanya, ipinakiusap nilang lisanin niya ang kanilang lupain.

## Mateo 9

### Pinagaling ni Jesus ang Isang Paralitiko

(Mc. 2:1-12; Lu. 5:17-26)

1Sumakay si Jesus sa bangka, tumawid sa kabilang ibayo at tumuloy sa sarili niyang bayan.

2Pagdating doon, dinala sa kanya ng ilang tao ang isang paralitikong nakaratay sa higaan. Nang makita ni Jesus ang kanilang pananampalataya,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

sinabi niya sa paralitiko, “Anak, lakasan mo ang iyong loob! Pinapatawad ka na sa iyong mga kasalanan.”

3May ilang tagapagturo ng Kautusan na naroon at sinabi nila sa kanilang sarili, “Nilalapastangan niya ang Diyos.”

4Alam ni Jesus ang kanilang iniisip kaya't sinabi niya, “Bakit kayo nag-iisip nang ganyan?

5Ano ba ang mas madali, ang sabihing, ‘pinapatawad na ang iyong mga kasalanan,’ o ang sabihing, ‘tumayo ka at lumakad’?

6Ngunit upang malaman ninyo na ang Anak ng Tao ay may kapangyarihang magpatawad ng mga kasalanan dito sa lupa…” sinabi niya sa paralitiko, “Tumayo ka, buhatin mo ang iyong higaan, at umuwi ka na!”

7Tumayo nga ang lalaki at umuwi.

8Nang makita ito ng mga tao, sila'y natakot at nagpuri sa Diyos na nagbigay ng ganitong kapangyarihan sa mga tao.

**Tinawag si Mateo**

(Mc. 2:13-17; Lu. 5:27-32)

9Pag-alis ni Jesus doon, nakita niya si Mateo na nakaupo sa tanggapan ng buwis. Sinabi ni Jesus sa kanya, “Sumunod ka sa akin.” Tumayo nga si Mateo at sumunod sa kanya.

10Nang si Jesus at ang kanyang mga alagad ay nasa bahay, dumating ang maraming maniningil ng buwis at mga makasalanan. Sila'y magkakasalong kumain.

11Nang makita ito ng mga Pariseo, tinanong nila ang kanyang mga alagad, “Bakit nakikisalo ang inyong guro sa mga maniningil ng buwis at sa mga makasalanan?”

12Narinig sila ni Jesus at siya ang sumagot, “Hindi nangangailangan ng manggagamot ang walang sakit kundi ang maysakit.

13Humayo kayo at unawain ang kahulugan nito: ‘Habag ang nais ko at hindi handog.’ Sapagkat naparito ako upang tawagin ang mga makasalanan, hindi ang mga matuwid.”

**Tinanong si Jesus tungkol sa Pag-aayuno**

(Mc. 2:18-22; Lu. 5:33-39)

14Lumapit kay Jesus ang mga alagad ni Juan na Tagapagbautismo, at siya'y tinanong, “Kami po ay [madalas] mag-ayuno, gayundin ang mga Pariseo, ngunit bakit hindi po nag-aayuno ang inyong mga alagad?”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[15]Sumagot siya, “Dapat bang malungkot ang mga panauhin sa kasalan habang kasama pa nila ang lalaking ikinasal? Kapag wala na ito, saka pa lamang sila mag-aayuno.

[16]“Walang nagtatagpi ng bagong tela sa isang lumang kasuotan. Sapagkat kapag umurong ang bagong tela, mababatak nito ang tinagpian at lalong lalaki ang punit.

[17]Wala ring nagsasalin ng bagong alak sa lumang sisidlang-balat. Kapag ganoon ang ginawa, puputok ang balat, matatapon ang alak, at mawawasak ang sisidlan. Sa halip, isinasalin ang bagong alak sa bagong sisidlang-balat; at sa gayon, kapwa ito nagtatagal.”

### Pagbuhay na Muli sa Anak ng Pinuno at Pagpapagaling sa Isang Babae

(Mc. 5:21-43; Lu. 8:40-56)

[18]Habang sinasabi ni Jesus ang mga bagay na ito, may dumating namang isang pinuno ng mga Judio. Lumuhod ito sa harap niya at nakiusap, “Kamamatay po lamang ng aking anak na babae; sumama po kayo sa akin at ipatong ninyo ang inyong kamay sa kanya, at siya'y mabubuhay.”

[19]Tumayo si Jesus at sumama sa kanya, gayundin ang kanyang mga alagad.

[20]Habang sila'y naglalakad, lumapit sa likuran ni Jesus ang isang babaing labindalawang taon nang dinudugo at hinawakan ang laylayan ng kanyang damit.

[21]Sinabi ng babae sa sarili, “Mahawakan ko lamang ang kanyang damit, gagaling na ako.”

[22]Lumingon si Jesus at pagkakita sa kanya'y sinabi, “Anak, lakasan mo ang iyong loob! Pinagaling ka ng iyong pananampalataya.” Noon di'y gumaling ang babae.

[23]Pagdating ni Jesus sa bahay ng pinuno, nakita niya ang mga manunugtog ng plauta at ang mga taong nagkakaingay.

[24]Sinabi niya, “Lumabas muna kayo. Hindi patay ang bata; natutulog lamang!” At siya'y pinagtawanan nila.

[25]Nang mapalabas na ang mga tao, pumasok si Jesus sa kuwarto, hinawakan niya sa kamay ang bata at ito'y bumangon.

[26]Ang pangyayaring ito ay ipinamalita ng mga tao sa buong lupaing iyon.

### Ang Pagpapagaling sa Dalawang Bulag

[27]Pag-alis ni Jesus doon, sinundan siya ng dalawang lalaking bulag. Sumisigaw sila habang nasa daan, “Anak ni David, mahabag po kayo sa amin!”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[28]Pagpasok ni Jesus sa bahay, lumapit sa kanya ang mga bulag. Tinanong sila ni Jesus, "Naniniwala ba kayo na mapapagaling ko kayo?" "Opo, Panginoon!" sagot nila.

[29]Hinipo niya ang kanilang mga mata at sinabi, "Mangyari ang ayon sa inyong pananampalataya."

[30]At nakakita nga sila. Mahigpit na ipinagbilin sa kanila ni Jesus na huwag sasabihin iyon kaninuman.

[31]Ngunit nang sila'y makaalis, ipinamalita nila sa buong lupaing iyon ang ginawa sa kanila ni Jesus.

### Pinagaling ang Piping Sinasaniban ng Demonyo

[32]Nang paalis na sila, dinala kay Jesus ang isang piping sinasapian ng demonyo.

[33]Pinalayas ni Jesus ang demonyo at nakapagsalita agad ang pipi. Namangha ang mga tao at nasabi nila, "Kailanman ay wala pang nakitang katulad nito sa Israel!"
[[34]Subalit sinabi naman ng mga Pariseo, "Nakapagpapalayas siya ng mga demonyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pinuno ng mga demonyo."]

### Nahabag si Jesus sa mga Tao

[35]Nilibot ni Jesus ang lahat ng mga bayan at nayon doon. Nagtuturo siya sa kanilang mga sinagoga at ipinapangaral ang Magandang Balita tungkol sa paghahari ng Diyos. Pinagaling din niya ang lahat ng uri ng sakit at karamdaman.

[36]Nang makita niya ang napakaraming tao, nahabag siya sa kanila sapagkat sila'y litung-lito at hindi alam ang gagawin, parang mga tupang walang pastol.

[37]Kaya't sinabi niya sa kanyang mga alagad, "Napakaraming aanihin, ngunit kakaunti ang mag-aani.

[38]Idalangin ninyo sa may-ari ng aanihin na magpadala ng mga mag-aani."

## Mateo 10

### Ang Labindalawang Alagad

(Mc. 3:13-19; Lu. 6:12-16)

[1]Tinipon ni Jesus ang labindalawang alagad at binigyan sila ng kapangyarihang magpalayas ng masasamang espiritu at magpagaling ng lahat ng uri ng sakit at karamdaman.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Ito ang mga pangalan ng labindalawang apostol: Una ay si Simon na tinatawag ding Pedro, at si Andres na kanyang kapatid, sina Santiago at Juan na mga anak ni Zebedeo;

3si Felipe, si Bartolome, si Tomas, si Mateo na maniningil ng buwis, si Santiago na anak ni Alfeo, at si Tadeo,

4si Simon na Makabayan, at si Judas Iscariote na nagkanulo kay Jesus.

**Sinugo ni Jesus ang Labindalawa**
(Mc. 6:7-13; Lu. 9:1-6)

5Ang labindalawang ito'y isinugo ni Jesus at kanyang pinagbilinan, "Huwag kayong pupunta sa lugar ng mga Hentil, o sa alinmang bayan ng mga Samaritano.

6Sa halip, hanapin ninyo ang mga nawawalang tupa ng sambahayan ng Israel.

7Humayo kayo't ipangaral na malapit nang dumating ang kaharian ng langit.

8Pagalingin ninyo ang mga maysakit at buhayin ang mga patay. Pagalingin at linisin ninyo ang mga may ketong, at palayasin ang mga demonyo. Yamang tumanggap kayo nang walang bayad, magbigay naman kayo nang walang bayad.

9Huwag kayong magdala ng pera, maging ginto, pilak, o tanso.

10Sa inyong paglalakbay, huwag din kayong magbaon ng pagkain, bihisan, pampalit na sandalyas, o tungkod, sapagkat ang manggagawa ay karapat-dapat na tumanggap ng mga bagay na kanyang ikabubuhay.

11"Saanmang bayan o nayon kayo dumating, humanap kayo ng taong karapat-dapat pakituluyan at kayo ay tumuloy sa bahay niya habang kayo'y nasa lugar na iyon.

12Pagpasok ninyo sa bahay, sabihin ninyo, 'Maghari nawa ang kapayapaan sa bahay na ito!'

13Kung karapat-dapat ang mga nakatira doon, panatilihin ninyo sa kanila ang inyong pagpapala. Ngunit kung hindi, bawiin ninyo iyon.

14At kung ayaw kayong tanggapin o pakinggan sa isang tahanan o bayan, umalis kayo roon at ipagpag ninyo ang alikabok sa inyong mga paa.

15Tandaan ninyo: sa Araw ng Paghuhukom ay higit na mabigat ang parusang igagawad sa mga mamamayan ng bayang iyon kaysa sa parusang dinanas ng mga taga-Sodoma at taga-Gomorra."

**Mga Pag-uusig na Darating**
(Mc. 13:9-13; Lu. 21:12-17)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16“Tingnan ninyo; isinusugo ko kayo na parang mga tupa sa gitna ng mga asong-gubat. Kaya't maging matalino kayong gaya ng ahas at maamo na gaya ng kalapati.

17Mag-ingat kayo sapagkat kayo'y dadakpin at isasakdal sa mga Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio, hahagupitin kayo sa kanilang mga sinagoga.

18Dadalhin kayo sa mga gobernador at mga hari nang dahil sa pagsunod ninyo sa akin, upang magpatotoo sa kanila at sa mga Hentil.

19Kapag iniharap na kayo sa hukuman, huwag kayong mabahala kung ano ang inyong sasabihin, o kung paano kayo magsasalita sapagkat ipagkakaloob sa inyo sa oras na iyon ang inyong sasabihin.

20Hindi kayo ang magsasalita, kundi ang Espiritu ng inyong Ama ang magsasalita sa pamamagitan ninyo.

21“Ipagkakanulo ng kapatid ang kanyang sariling kapatid upang ipapatay, gayundin ang gagawin ng ama sa kanyang anak; at lalabanan ng mga anak ang kanilang mga magulang at ipapapatay ang mga ito.

22Kapopootan kayo ng lahat dahil sa pagsunod sa akin, ngunit ang mananatiling tapat hanggang wakas ang siyang maliligtas.

23Kapag inusig kayo sa isang bayan, tumakas kayo sa kasunod. Tandaan ninyo: bago ninyo mapuntahan ang lahat ng bayan ng Israel, darating na ang Anak ng Tao.

24“Walang alagad na nakakahigit sa kanyang guro at walang aliping nakakahigit sa kanyang panginoon.

25Sapat nang matulad ang alagad sa kanyang guro, at ang alipin sa kanyang panginoon. Kung ang ama ng sambahayan ay tinawag nilang Beelzebul, lalo nang lalaitin nila ang kanyang mga kasambahay.”

### Ang Dapat Katakutan

(Lu. 12:2-7)

26“Kaya huwag kayong matakot sa kanila. Walang natatago na di malalantad at walang nalilihim na di mabubunyag.

27Ang sinasabi ko sa inyo sa dilim ay ulitin ninyo sa liwanag; at ang ibinubulong sa inyo ay inyong ipagsigawan sa lansangan.

28Huwag ninyong katakutan ang pumapatay ng katawan ngunit hindi naman nakakapatay ng kaluluwa. Sa halip, ang katakutan ninyo ay ang Diyos na may kakayahang pumuksa ng katawan at kaluluwa sa impiyerno.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

29Hindi ba't ipinagbibili sa halaga ng isang salaping tanso ang dalawang maya? Gayunman, kahit isa sa kanila'y hindi nahuhulog sa lupa kung hindi kalooban ng inyong Ama.

30At kayo, maging ang buhok ninyo'y bilang niyang lahat.

31Kaya, huwag kayong matakot; higit kayong mahalaga kaysa maraming maya.”

### Pagpapatotoo kay Cristo
(Lu. 12:8-9)

32“Ang sinumang kumilala sa akin sa harapan ng mga tao ay kikilalanin ko rin naman sa harapan ng aking Amang nasa langit.

33Ngunit ang sinumang ikaila ako sa harap ng mga tao ay ikakaila ko rin sa harap ng aking Amang nasa langit.”

### Hindi Kapayapaan Kundi Tabak
(Lu. 12:51-53; 14:26-27)

34“Huwag ninyong isiping naparito ako upang magdala ng kapayapaan sa lupa; naparito ako upang magdala ng tabak, hindi kapayapaan.

35Naparito ako upang paglabanin ang anak na lalaki at ang kanyang ama, ang anak na babae at ang kanyang ina, at ang manugang na babae at ang kanyang biyenang babae.

36At ang magiging kaaway ng isang tao ay kanya na rin mismong mga kasambahay.

37“Ang umiibig sa kanyang ama o ina nang higit sa akin ay hindi karapat-dapat sa akin. Ang umiibig sa kanyang anak nang higit sa akin ay hindi karapat-dapat sa akin.

38Ang hindi nagpapasan ng kanyang krus at hindi sumusunod sa akin ay hindi karapat-dapat sa akin.

39Ang nagsisikap magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito; ngunit ang mawalan ng kanyang buhay alang-alang sa akin ay magkakamit nito.”

### Mga Gantimpala
(Mc. 9:41)

40“Ang tumatanggap sa inyo ay tumatanggap sa akin, at ang tumatanggap sa akin ay tumatanggap sa nagsugo sa akin.

41Ang tumatanggap sa isang propeta dahil sa ito'y propeta ay tatanggap ng gantimpalang nauukol sa propeta; at ang tumatanggap sa isang taong matuwid dahil sa ito'y matuwid ay tatanggap ng gantimpalang nauukol sa taong matuwid.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

42Tandaan ninyo: sinumang magbigay ng kahit isang basong malamig na tubig sa isa sa mga maliliit na ito dahil sa siya'y alagad ko, siya'y tiyak na tatanggap ng gantimpala.”

## Mateo 11

### Ang mga Isinugo ni Juan na Tagapagbautismo

(Lu. 7:18-35)

1Pagkatapos ng mga tagubiling ito sa kanyang labindalawang alagad, umalis si Jesus upang magturo at mangaral sa mga bayang malapit doon.

2Nakabilanggo na noon si Juan na Tagapagbautismo. Nabalitaan niya ang mga ginagawa ni Cristo kaya't nagsugo siya ng ilang mga alagad

3upang itanong, “Kayo po ba ang ipinangakong darating, o maghihintay pa kami ng iba?”

4Sumagot si Jesus, “Bumalik kayo kay Juan at sabihin ninyo sa kanya ang inyong naririnig at nakikita.

5Nakakakita ang mga bulag, nakakalakad ang mga pilay, gumagaling ang mga ketongin, nakakarinig ang mga bingi, muling nabubuhay ang mga patay, at ipinapangaral sa mga mahihirap ang Magandang Balita.

6Pinagpala ang taong hindi nag-aalinlangan sa akin!”

7Nang paalis na ang mga alagad ni Juan, nagsalita si Jesus sa mga tao tungkol kay Juan, “Bakit kayo nagpunta sa ilang? Ano ang nais ninyong makita? Isa bang tambo na hinihipan ng hangin?

8Bakit kayo pumunta sa ilang? Para makita ang isang taong may mamahaling kasuotan? Ang mga nagdaramit ng ganyan ay nasa palasyo ng mga hari!

9Ano nga ba ang nais ninyong makita? Isang propeta? Oo, siya'y propeta. At sinasabi ko sa inyo, siya'y higit pa sa isang propeta.

10Sapagkat si Juan ang tinutukoy ng kasulatan, ‘Ipadadala ko ang aking sugo na mauuna sa iyo; ihahanda niya ang iyong daraanan.’

11Tandaan ninyo: higit na dakila si Juan na Tagapagbautismo kaysa sinumang isinilang sa daigdig, ngunit ang pinakahamak sa kaharian ng langit ay mas dakila kaysa kanya.

12Mula nang mangaral si Juan na Tagapagbautismo hanggang ngayon, ang kaharian ng langit ay sapilitang pinapasok ng mga taong mararahas.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[13]Sapagkat hanggang sa dumating si Juan, ang mga propeta at ang Kautusan ang siyang nagpahayag tungkol sa kaharian ng langit.

[14]Kung naniniwala kayo sa pahayag na ito, si Juan na nga ang Elias na ipinangakong darating.

[15]Makinig ang may pandinig!

[16]“Saan ko ihahambing ang mga tao sa panahong ito? Ang katulad nila'y mga batang nakaupo sa lansangan at sumisigaw sa kanilang mga kalaro:

[17]‘Tinugtugan namin kayo ng plauta ngunit ayaw ninyong sumayaw! Umawit kami ng awit ng pagluluksa, ngunit ayaw ninyong tumangis!’

[18]Sapagkat nakita nila si Juan na nag-aayuno at di umiinom ng alak, at ang sabi nila, ‘Sinasaniban ng demonyo ang taong iyan.’

[19]Nakita naman nila ang Anak ng Tao na kumakain at umiinom, at ang sabi naman nila, ‘Tingnan ninyo ang taong ito! Matakaw, lasenggo at kaibigan ng mga maniningil ng buwis at makasalanan.’ Gayunman, ang karunungan ng Diyos ay napapatunayang tama sa pamamagitan ng mga gawa nito.”

**Babala sa mga Bayang Ayaw Magsisi**
(Lu. 10:13-15)

[20]Pagkatapos, sinumbatan ni Jesus ang mga bayang nakasaksi sa maraming himalang ginawa niya roon sapagkat hindi sila nagsisi't tumalikod sa kanilang mga kasalanan. Sinabi niya,

[21]“Kawawa kayo, mga taga-Corazin! Kawawa kayo, mga taga-Bethsaida! Sapagkat kung sa Tiro at Sidon ginawa ang mga himalang ginawa sa inyo, matagal na sanang nagdamit ng sako at naupo sa abo ang mga tagaroon bilang tanda ng kanilang pagsisisi.

[22]Ngunit sinasabi ko sa inyo, sa Araw ng Paghuhukom ay mas kahahabagan pa ang mga taga-Tiro at taga-Sidon kaysa inyo.

[23]At kayong mga taga-Capernaum, nais pala ninyong itaas ang inyong sarili hanggang langit? Ibabagsak kayo hanggang sa daigdig ng mga patay! Sapagkat kung sa Sodoma ginawa ang mga himalang ginawa sa inyo, sana'y nananatili pa ang bayang iyon magpahanggang ngayon.

[24]Ngunit sinasabi ko sa inyo, mas kahahabagan pa ang mga taga-Sodoma kaysa inyo sa Araw ng Paghuhukom!”

**Lumapit sa Akin at Magpahinga**
(Lu. 10:21-22)

[25]Nang panahong iyo'y sinabi ni Jesus, “Ama, Panginoon ng langit at lupa, salamat sa iyo, sapagkat inilihim mo ang mga bagay na ito sa marurunong at matatalino, at inihayag mo naman sa mga may kaloobang tulad ng sa bata.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Oo, Ama, sapagkat ganoon ang nais mo.

27“Ibinigay na sa akin ng aking Ama ang lahat ng bagay. Walang nakakakilala sa Anak kundi ang Ama, at walang nakakakilala sa Ama kundi ang Anak at ang mga pinili ng Anak na pagpahayagan niya.

28“Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nahihirapan at lubhang nabibigatan sa inyong pasanin, at kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan.

29Pasanin ninyo ang aking pamatok at matuto kayo sa akin sapagkat ako'y maamo at may mababang loob. Makakatagpo kayo sa akin ng kapahingahan

30sapagkat madaling dalhin ang aking pamatok at magaan ang pasaning ibibigay ko sa inyo.”

## Mateo 12

### Katanungan tungkol sa Araw ng Pamamahinga

(Mc. 2:23-28; Lu. 6:1-5)

1Isang Araw ng Pamamahinga, dumaan sina Jesus sa triguhan. Nagugutom ang kanyang mga alagad noon, kaya't sila'y kumuha ng mga butil ng trigo at kumain niyon.

2Nang makita ito ng mga Pariseo, sinabi nila sa kanya, “Tingnan mo ang ginagawa ng iyong mga alagad. Mahigpit iyang ipinagbabawal ng Kautusan sa Araw ng Pamamahinga!”

3Sumagot si Jesus, “Hindi ba ninyo nabasa ang ginawa ni David nang magutom siya at ang kanyang mga kasama?

4Pumasok siya sa bahay ng Diyos, kumain ng tinapay na handog at pinakain din niya ang kanyang mga kasama. Labag sa Kautusan ang ginawa nila sapagkat ang mga pari lamang ang may karapatang kumain niyon.

5Hindi ba ninyo nababasa sa Kautusan na tuwing Araw ng Pamamahinga, ang mga pari ay may ginagawa sa Templo na bawal gawin sa araw na iyon? Gayunma'y hindi sila nagkakasala!

6Sinasabi ko sa inyo, may isang naririto na higit na dakila kaysa Templo.

7Kung nauunawaan lamang ninyo ang kahulugan ng mga salitang ito, ‘Habag ang nais ko at hindi handog,’ hindi sana ninyo hinatulan ang mga walang sala.

8Sapagkat ang Anak ng Tao ay Panginoon ng Araw ng Pamamahinga.”

### Pinagaling ang Lalaking Paralisado ang Kamay

(Mc. 3:1-6; Lu. 6:6-11)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Pagkaalis ni Jesus sa pook na iyon, pumasok siya sa sinagoga.

10May isang lalaki roon na paralisado ang isang kamay. Naroon din ang ilang taong naghahanap ng pagkakataong maparatangan si Jesus. Tinanong nila si Jesus, "Naaayon ba sa Kautusan ang magpagaling ng maysakit kung Araw ng Pamamahinga?"

11Sumagot siya, "Kung kayo'y may tupang nahulog sa balon sa Araw ng Pamamahinga, hindi ba ninyo ito iaahon?

12Higit na mahalaga ang isang tao kaysa isang tupa! Kaya't naaayon sa Kautusan ang gumawa ng mabuti sa Araw ng Pamamahinga."

13Pagkatapos, sinabi ni Jesus sa lalaki, "Iunat mo ang iyong kamay." Iniunat nga ng lalaki ang kanyang kamay at ito'y gumaling gaya ng kabilang kamay.

14Kaya't umalis ang mga Pariseong naroroon at nag-usap-usap kung paano nila maipapapatay si Jesus.

**Ang Lingkod na Hinirang**

15Nang malaman ito ni Jesus, umalis siya sa lugar na iyon. Maraming tao ang sumunod sa kanya, at pinagaling niya ang lahat ng maysakit.

16Ngunit mahigpit niyang ipinagbilin na huwag nilang ipamalita kung sino siya.

17Sa gayon, natupad ang sinabi ng Diyos sa pamamagitan ni Propeta Isaias,

18"Narito ang lingkod ko na aking hinirang, ang aking minamahal at lubos na kinalulugdan; ibubuhos ko sa kanya ang aking Espiritu, at siya ang magpapahayag ng katarungan sa mga bansa.

19Hindi siya makikipag-away o maninigaw, ni magtataas ng boses sa mga lansangan,

20hindi niya babaliin ang tambong marupok, hindi rin niya papatayin ang ilawang umaandap, hanggang katarunga'y hindi nagtatagumpay nang ganap;

21at ang pag-asa ng mga Hentil, sa kanya ay ilalagak."

**Si Jesus at si Beelzebul**
(Mc. 3:20-30; Lu. 11:14-23)

22Dinala noon kay Jesus ang isang lalaking bulag at pipi na sinasapian ng demonyo. Pinagaling siya ni Jesus kaya't siya'y nakakita at nakapagsalita.

23Namangha ang lahat at sinabi nila, "Ito na kaya ang Anak ni David?"

24Nang marinig ito ng mga Pariseo, sinabi nila, "Nakapagpapalayas siya ng mga demonyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Beelzebul, ang pinuno ng mga demonyo."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Subalit alam ni Jesus ang kanilang iniisip kaya't sinabi niya, “Ang bawat kahariang naglalaban-laban ang mga mamamayan ay babagsak, at alinmang bayan o sambahayang sila-sila ang naglalaban ay mawawasak.

26Kaya't kung si Satanas ang nagpapalayas kay Satanas, kinakalaban niya ang kanyang sarili! Kung gayon, paano pa niya mapapanatili ang kanyang kaharian?

27Kung ako'y nagpapalayas ng mga demonyo sa kapangyarihan ni Beelzebul, sa kaninong kapangyarihan naman nagpapalayas ng demonyo ang inyong mga tagasunod? Ang ginagawa nila ang magpapatunay na maling-mali kayo.

28Ngunit kung ako'y nagpapalayas ng mga demonyo sa kapangyarihan ng Espiritu ng Diyos, nangangahulugang dumating na sa inyo ang kaharian ng Diyos.

29“Hindi mapapasok ang bahay ng isang taong malakas kung hindi muna siya gagapusin. Kung nakagapos na siya, saka pa lamang malolooban ang bahay niya.

30Ang hindi panig sa akin ay laban sa akin, at ang hindi ko kasamang mag-ipon ay nagkakalat.

31Kaya't sinasabi ko sa inyo, mapapatawad ang anumang kasalanan at paglapastangan, ngunit hindi patatawarin ang paglapastangan sa Espiritu Santo.

32Sinumang magsalita laban sa Anak ng Tao ay patatawarin, ngunit sinumang magsalita laban sa Espiritu Santo ay hindi patatawarin, maging sa panahong ito o sa panahong darating.”

### Sa Bunga Nakikilala

(Lu. 6:43-45)

33“Sinasabi ninyong mabuti ang punongkahoy kung mabuti ang kanyang bunga at masama ang punongkahoy kung masama ang kanyang bunga, sapagkat sa bunga nakikilala ang puno.

34Lahi ng mga ulupong! Paano kayong makakapagsabi ng mabubuting bagay gayong kayo'y masasama? Kung ano ang nag-uumapaw sa puso ay siyang sinasabi ng bibig.

35Mabuti ang sinasabi ng mabuting tao, sapagkat puno ng kabutihan ang kanyang puso. Masama ang sinasabi ng masamang tao, sapagkat puno ng kasamaan ang kanyang puso.

36“Tandaan ninyo, sa Araw ng Paghuhukom, pananagutan ng tao ang bawat walang kabuluhang salitang sinabi niya.

37Pawawalang-sala ka, o paparusahan, batay sa iyong mga salita.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Hinanapan si Jesus ng Palatandaan
(Mc. 8:11-12; Lu. 11:29-32)

38Sinabi naman sa kanya ng ilang tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo, “Guro, maaari po bang magpakita kayo sa amin ng isang palatandaan?”

39Sumagot si Jesus, “Lahing masama at taksil sa Diyos! Naghahanap kayo ng palatandaan ngunit walang ipapakita sa inyo maliban sa himalang nangyari kay Propeta Jonas.

40Kung paanong si Jonas ay tatlong araw at tatlong gabing nasa tiyan ng dambuhalang isda, ang Anak ng Tao ay tatlong araw at tatlong gabi ring nasa ilalim ng lupa.

41Sa Araw ng Paghuhukom, tatayo ang mga taga-Nineve at sasaksi laban sa lahing ito, sapagkat nagsisi sila matapos pangaralan ni Jonas. Ngunit higit pa kay Jonas ang naririto.

42Sa araw na iyon, sasaksi rin ang Reyna ng Sheba laban sa lahing ito. Naglakbay siya mula pa sa dulo ng daigdig upang masaksihan ang karunungan ni Solomon, ngunit higit pa kay Solomon ang naririto ngayon!”

### Ang Pagbabalik ng Masamang Espiritu
(Lu. 11:24-26)

43“Kapag ang masamang espiritu ay lumabas mula sa isang tao, siya'y gumagala sa mga lupaing tigang upang maghanap ng mapagpapahingahan. Kung wala itong matagpuan

44ay sinasabi sa sarili, ‘Babalik ako sa tahanang aking pinanggalingan.’ Pagbalik niya at makita itong walang laman, malinis at maayos,

45aalis muna siya't magsasama pa ng pitong espiritung mas masama pa kaysa kanya at papasok sila at maninirahan doon. Dahil dito, ang kanyang magiging kalagayan ay mas masama pa kaysa dati. Ganyan ang mangyayari sa masamang lahing ito.”

### Ang Ina at mga Kapatid ni Jesus
(Mc. 3:31-35; Lu. 8:19-21)

46Habang si Jesus ay nagsasalita sa maraming tao, dumating ang kanyang ina at mga kapatid. Naghihintay sila sa labas dahil nais nila siyang
makausap. [47May nagsabi kay Jesus, “Nasa labas po ang inyong ina at mga kapatid. Ibig nila kayong makausap.”]

48Ngunit sinabi niya, “Sino ang aking ina at sinu-sino ang aking mga kapatid?”

49Itinuro niya ang kanyang mga alagad at sinabi, “Sila ang aking ina at mga kapatid.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

50Sapagkat ang sinumang sumusunod sa kalooban ng aking Ama na nasa langit, iyon ang aking ina at mga kapatid.”

## Mateo 13

### Ang Talinghaga tungkol sa Manghahasik
(Mc. 4:1-9; Lu. 8:4-8)

1Noon ding araw na iyon, si Jesus ay lumabas ng bahay at naupo sa tabi ng lawa.

2Dahil sa dami ng taong lumalapit sa kanya, sumakay siya sa isang bangka at doon naupo. Tumayo naman sa dalampasigan ang mga tao

3at sila'y tinuruan niya ng maraming bagay sa pamamagitan ng mga talinghaga. Ganito ang sinabi niya: “May isang magsasakang lumabas upang maghasik.

4Sa kanyang paghahasik ay may mga binhing nalaglag sa tabi ng daan. Dumating ang mga ibon at tinuka ang mga iyon.

5May mga binhi namang nalaglag sa mabatong lupa. Dahil manipis lang ang lupa roon, sumibol agad ang mga binhi,

6ngunit natuyo agad ang mga ito nang mabilad sa matinding init ng araw, palibhasa'y mababaw ang ugat.

7May mga binhi namang nalaglag sa may matitinik na halaman. Lumago ang mga halamang matitinik at sinakal ng mga ito ang mga binhing tumubo doon.

8Ngunit ang mga binhing nahasik sa matabang lupa ay namunga; may tig-iisandaan, may tig-aanimnapu, at may tigtatatlumpu.

9Makinig ang may pandinig!”

### Ang Layunin ng mga Talinghaga
(Mc. 4:10-12; Lu. 8:9-10)

10Lumapit ang mga alagad at tinanong si Jesus, “Bakit po kayo gumagamit ng talinghaga sa kanila?”

11Sumagot siya, “Ipinagkaloob sa inyo ang karapatang maunawaan ang hiwaga tungkol sa kaharian ng langit, ngunit hindi ito ipinagkaloob sa kanila.

12Sapagkat ang mayroon ay bibigyan pa, at lalong magkakaroon; ngunit ang wala, kahit ang kakaunting nasa kanya ay kukunin pa.

13Nagsasalita ako sa kanila sa pamamagitan ng talinghaga sapagkat tumitingin sila ngunit hindi nakakakita, at nakikinig ngunit hindi naman nakakarinig ni nakakaunawa man.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Natutupad nga sa kanila ang propesiya ni Isaias na nagsasabi, ‘Makinig man kayo nang makinig, hindi kayo makakaunawa kailanman, at tumingin man kayo nang tumingin, hindi kayo makakakita kailanman.

15Sapagkat naging mapurol na ang isip ng mga taong ito; mahirap makarinig ang kanilang mga tainga, at ipinikit nila ang kanilang mga mata, kung hindi gayon, sana'y nakakita ang kanilang mga mata, nakarinig ang kanilang mga tainga, nakaunawa ang kanilang mga isip, at nagbalik-loob sila sa akin, at pinagaling ko sila.’

16“Subalit pinagpala kayo sapagkat nakakakita ang inyong mga mata at nakakarinig ang inyong mga tainga!

17Tandaan ninyo: maraming propeta at matutuwid na tao ang naghangad na makita ang inyong nasasaksihan at marinig ang inyong napapakinggan subalit hindi nila ito nakita ni narinig.”

## Ipinaliwanag ang Talinghaga tungkol sa Manghahasik

(Mc. 4:13-20; Lu. 8:11-15)

18“Makinig kayo at unawain ang kahulugan ng talinghaga tungkol sa manghahasik.

19Kapag ang isang tao ay nakikinig ng mensahe tungkol sa paghahari ng Diyos ngunit hindi naman niya iyon inuunawa, siya ay katulad ng binhing nalaglag sa daan. Dumarating ang Masama at agad inaalis sa kanyang isip ang mensaheng kanyang napakinggan.

20“Ang katulad naman ng binhing nalaglag sa mabatong lupa ay ang taong nakikinig ng mensahe na kaagad at masayang tumatanggap nito

21ngunit hindi tumitimo ang mensahe sa kanyang puso. Sandali lamang itong nananatili, at pagdating ng mga kapighatian at pagsubok dahil sa mensahe, agad siyang tumatalikod sa kanyang pananampalataya.

22“Ang binhi namang nahulog sa may matitinik na halaman ay ang mga taong nakikinig ng mensahe ngunit dahil sa pagkabalisa sa maraming mga bagay at pagkahumaling sa kayamanan, nawawalan ng puwang sa kanilang puso ang mensahe at hindi ito nagkakaroon ng bunga.

23“At ang katulad naman ng binhing nahasik sa matabang lupa ay ang mga taong dumirinig at umuunawang mabuti sa mensahe, kaya't ito ay namumunga nang sagana, may tig-iisandaan, may tig-aanimnapu, at may tigtatatlumpu.”

## Talinghaga tungkol sa mga Damo sa Triguhan

24Nagsalaysay muli si Jesus sa kanila ng isa pang talinghaga. Sinabi niya, “Ang kaharian ng langit ay katulad ng isang taong naghasik ng mabuting binhi sa kanyang bukid.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Isang gabi, habang natutulog ang mga tao, dumating ang kanyang kaaway, naghasik ng mapanirang damo sa triguhan at saka umalis.

26Nang tumubo at magbunga ang trigo, lumitaw din ang mapanirang damo.

27Kaya't pumunta ang mga utusan sa may-ari ng bukid at nagtanong, 'Hindi po ba mabuting binhi lamang ang inihasik ninyo sa inyong bukid? Bakit po may damo ngayon?'

28Sumagot siya, 'Isang kaaway ang may kagagawan nito.' Tinanong siya ng mga utusan, 'Bubunutin po ba namin ang mga damo?'

29'Huwag, baka mabunot pati ang mga trigo,' sagot niya.

30'Hayaan na lamang ninyong lumago kapwa ang damo at ang trigo hanggang sa anihan. Sa pag-aani'y sasabihin ko sa mga tagapag-ani, ipunin muna ninyo ang mga damo at inyong pagbigkis-bigkisin at saka sunugin. Pagkatapos, ipunin naman ninyo ang trigo sa aking kamalig.'"

**Talinghaga tungkol sa Buto ng Mustasa**
(Mc. 4:30-32; Lu. 13:18-19)

31Sa pagpapatuloy, isa pang talinghaga ang isinalaysay ni Jesus sa kanila. "Ang kaharian ng langit ay katulad ng isang buto ng mustasa na itinanim ng isang tao sa kanyang bukid.

32Ang buto ng mustasa ang pinakamaliit sa lahat ng binhi. Ngunit pagtubo nito, ito'y nagiging mas malaki kaysa alin mang halaman at nagiging punongkahoy, kaya't nakakapagpugad ang mga ibon sa mga sanga nito."

**Talinghaga tungkol sa Pampaalsa**
(Lu. 13:20-21)

33Nagsalaysay pa si Jesus ng ibang talinghaga. "Ang kaharian ng langit ay katulad ng pampaalsa na inihalo ng isang babae sa tatlong takal na harina, hanggang umalsa ang buong masa ng harina."

**Ang Paggamit ni Jesus ng mga Talinghaga**
(Mc. 4:33-34)

34Ang lahat ng ito ay sinabi ni Jesus sa mga tao sa pamamagitan ng mga talinghaga, at wala siyang itinuro sa kanila nang hindi sa pamamagitan ng talinghaga.

35Sa gayon, natupad ang sinabi ng propeta: "Magsasalita ako sa pamamagitan ng mga talinghaga, ihahayag ko ang mga bagay na inilihim mula pa nang likhain [ang daigdig]."

**Kahulugan ng Talinghaga tungkol sa mga Damo sa Triguhan**

36Pagkatapos, iniwan ni Jesus ang mga tao at pumasok siya sa bahay. Lumapit ang kanyang mga alagad at sinabi sa kanya, "Ipaliwanag po ninyo sa amin ang talinghaga tungkol sa mapanirang damong tumubo sa bukid."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

37Sumagot si Jesus, "Ang naghahasik ng mabubuting binhi ay ang Anak ng Tao,

38ang bukid ay ang daigdig, ang mabuting binhi ay ang mga taong kabilang sa kaharian at ang mapanirang damo naman ay ang mga kabilang sa Masama.

39Ang kaaway na naghasik ng damo ay walang iba kundi ang diyablo. Ang panahon ng pag-aani ay ang katapusan ng daigdig at ang mga tagapag-ani naman ay ang mga anghel.

40Kung paanong ang mga damo ay tinitipon at sinusunog, ganoon din ang mangyayari sa katapusan ng daigdig.

41Ipag-uutos ng Anak ng Tao sa kanyang mga anghel na tipunin nila mula sa kanyang kaharian ang lahat ng nagiging sanhi ng pagkakasala at ang lahat ng gumagawa ng masama.

42Ihahagis nila ang mga ito sa lumalagablab na pugon at doon ay mananangis sila at magngangalit ang kanilang mga ngipin.

43Ngunit ang mga gumagawa ng matuwid ay magliliwanag na parang araw sa kaharian ng kanilang Ama. Makinig ang may pandinig!"

### Ang Natatagong Kayamanan

44"Ang kaharian ng langit ay katulad ng kayamanang nakabaon sa isang bukid. Nahukay ito ng isang tao ngunit agad itong tinabunan. Tuwang-tuwa siyang umalis at ibinenta ang lahat ng kanyang ari-arian upang bilhin ang bukid na iyon."

### Ang Perlas na Mahalaga

45"Ang kaharian ng langit ay katulad din ng isang negosyante na naghahanap ng mga mamahaling perlas.

46Nang makakita siya ng isang perlas na napakahalaga, umuwi siya't ipinagbili ang lahat ng kanyang ari-arian at binili ang perlas na iyon."

### Ang Lambat

47"Ang kaharian ng langit ay katulad din ng isang lambat na inihagis sa dagat at nakahuli ng sari-saring isda.

48Nang mapuno ang lambat, hinila ito sa pampang. Naupo ang mga tao habang tinitipon nila sa sisidlan ang mabubuting isda at itinatapon naman ang mga isdang hindi mapapakinabangan.

49Gayundin ang mangyayari sa katapusan ng daigdig, darating ang mga anghel, ihihiwalay ang masasama sa mga matuwid,

50at ihahagis ang masasama sa naglalagablab na apoy. Doo'y mananangis sila at magngangalit ang kanilang mga ngipin."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Kayamanang Bago at Luma

51“Nauunawaan ba ninyo ang lahat ng ito?” tanong ni Jesus. “Opo,” sagot nila.

52At sinabi niya sa kanila, “Kaya nga, ang bawat tagapagturo ng Kautusan na tinuruan tungkol sa kaharian ng langit ay katulad ng isang pinuno ng sambahayan na naglalabas ng mga bagay na bago at luma mula sa kanyang taguan ng kayamanan.”

### Si Jesus ay Hindi Tinanggap sa Nazaret

(Mc. 6:1-6; Lu. 4:16-30)

53Umalis si Jesus mula roon matapos niyang isalaysay ang mga talinghagang ito.

54Umuwi siya sa kanyang bayan at nagturo sa kanilang sinagoga. Nagtaka ang mga nakarinig sa kanya, kaya't kanilang itinanong, “Saan kumuha ng ganyang karunungan ang taong iyan? Paano siya nakakagawa ng mga himala?

55Hindi ba siya ay anak ng isang karpintero? Hindi ba si Maria ang kanyang ina at sina Santiago, Jose, Simon, at Judas ang kanyang mga kapatid?

56At tagarito rin ang kanyang mga kapatid na babae, di ba? Saan kaya niya natutuhan ang lahat ng iyan?”

57At siya'y hindi nila pinaniwalaan. Kaya't sinabi ni Jesus sa kanila, “Ang isang propeta'y iginagalang kahit saan maliban sa kanyang sariling bayan at sariling sambahayan.”

58At dahil ayaw nilang maniwala kay Jesus, hindi siya gumawa roon ng maraming himala.

## Mateo 14

### Ang Pagkamatay ni Juan na Tagapagbautismo

(Mc. 6:14-29; Lu. 9:7-9)

1Ang balita tungkol kay Jesus ay nakarating kay Herodes na gobernador ng Galilea,

2kaya't nasabi niya sa kanyang mga lingkod, “Si Juan na Tagapagbautismo iyon! Siya'y muling nabuhay kaya't nakakagawa ng mga himala!”

3Itong si Herodes ang nagpahuli kay Juan. Ipinagapos niya ito at ipinabilanggo dahil kay Herodias na asawa ng kapatid niyang si Felipe.

4Sapagkat sinasabi ni Juan kay Herodes, “Bawal na magsama kayo ng asawa ng iyong kapatid.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Ibig ni Herodes na ipapatay si Juan, ngunit natatakot siya sa mga Judio sapagkat kinikilala nilang propeta si Juan na Tagapagbautismo.

6Nang sumapit ang kaarawan ni Herodes, sumayaw ang anak na babae ni Herodias sa harap ng mga panauhin. Labis na nasiyahan si Herodes,

7kaya't sumumpa siyang ibibigay sa dalaga ang anumang hingin nito.

8Sa udyok ng kanyang ina, sinabi ng dalaga sa hari, “Ibigay po ninyo sa akin ngayon din, sa isang pinggan, ang ulo ni Juan na Tagapagbautismo.”

9Nalungkot ang hari, ngunit dahil sa kanyang pangakong narinig ng mga panauhin, iniutos niya na ibigay sa dalaga ang hiningi nito.

10Kaya't pinapugutan niya si Juan sa bilangguan.

11Inilagay ang ulo sa isang pinggan at ibinigay ito sa dalaga. Dinala naman ito ng dalaga sa kanyang ina.

12Dumating ang mga alagad ni Juan, kinuha ang kanyang bangkay at inilibing. Pagkatapos, ibinalita nila kay Jesus ang nangyari.

**Ang Mahimalang Pagpapakain sa Limanlibo**

(Mc. 6:30-44; Lu. 9:10-17; Jn. 6:1-14)

13Nang marinig ni Jesus ang pagkamatay ni Juan, sumakay siya sa isang bangka at pumunta sa isang lugar na walang tao. Ngunit nang mabalitaan naman iyon ng mga tao, sila'y naglakad papalabas sa kani-kanilang bayan at sinundan si Jesus.

14Pagdating ni Jesus sa dalampasigan, nakita niya ang napakaraming taong iyon. Nahabag siya sa kanila at pinagaling niya ang mga maysakit na dala nila.

15Nang dapit-hapon na'y lumapit sa kanya ang mga alagad. Sinabi nila, “Malapit na pong lumubog ang araw at liblib ang lugar na ito. Papuntahin na po ninyo sa mga kalapit na nayon ang mga tao upang makabili ng kanilang makakain.”

16“Hindi na sila kailangang umalis. Bigyan ninyo sila ng makakain,” sabi ni Jesus.

17Sumagot sila, “Wala po tayong pagkain kundi limang tinapay lamang at dalawang isda.”

18“Dalhin ninyo rito,” sabi niya.

19Pinaupo niya sa damuhan ang mga tao. Kinuha ang limang tinapay at dalawang isda, tumingala siya sa langit at nagpasalamat sa Diyos. Pinaghati-hati niya ang mga tinapay at iniutos sa mga alagad na ipamahagi iyon sa mga tao.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

20 Nakakain at nabusog ang lahat. Nang ipunin ng mga alagad ang natirang pagkain, nakapuno pa sila ng labindalawang kaing ng tinapay.

21 May limanlibong lalaki ang nakakain, bukod pa sa mga babae at mga bata.

### Lumakad si Jesus sa Ibabaw ng Tubig

(Mc. 6:45-52; Jn. 6:15-21)

22 Agad pinasakay ni Jesus sa bangka ang mga alagad at pinauna sa kabilang ibayo. Samantala, pinauwi naman niya ang mga tao.

23 Matapos niyang paalisin ang mga ito, mag-isa siyang umakyat sa bundok upang manalangin. Nag-iisa siyang inabutan doon ng gabi.

24 Samantala, ang bangka ay nasa laot na ngunit sinasalpok ito ng mga alon dahil pasalungat ito sa hangin.

25 Nang madaling-araw na'y sumunod sa kanila si Jesus na naglalakad sa ibabaw ng tubig.

26 Kinilabutan sa takot ang mga alagad nang makita nilang may lumalakad sa ibabaw ng tubig. "Multo!" sigaw nila.

27 Ngunit nagsalita agad si Jesus at sinabi sa kanila, "Huwag kayong matakot, ako ito!"

28 Sinabi ni Pedro, "Panginoon, kung talagang ikaw nga iyan, papuntahin mo ako diyan sa kinaroroonan mo sa ibabaw ng tubig."

29 Sumagot siya, "Halika." Mula sa bangka ay lumakad si Pedro sa ibabaw ng tubig papunta kay Jesus.

30 Ngunit nang mapansin niya na malakas ang hangin, siya'y natakot at nagsimulang lumubog. "Panginoon, sagipin ninyo ako!" sigaw niya.

31 Agad siyang hinawakan ni Jesus. "Bakit ka nag-alinlangan? Napakaliit ng iyong pananampalataya!" sabi niya kay Pedro.

32 Pagkasakay nila sa bangka, tumigil ang hangin

33 at sinamba siya ng mga nasa bangka. "Tunay nga pong kayo ang Anak ng Diyos!" sabi nila.

### Pinagaling ni Jesus ang mga Maysakit sa Genesaret

(Mc. 6:53-56)

34 Tumawid sila ng lawa at dumating sila sa baybayin ng Genesaret.

35 Si Jesus ay nakilala ng mga tagaroon at agad nilang ipinamalita ang kanyang pagdating, kaya't dinala ng mga tao ang lahat ng maysakit sa buong lupaing iyon.

36 Hiniling nila kay Jesus na mahawakan man lamang ng mga maysakit ang laylayan ng kanyang damit; at ang lahat ng gumawa nito ay nagsigaling.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mateo 15

### Mga Minanang Katuruan
(Mc. 7:1-13)

1Pagkatapos, lumapit kay Jesus ang ilang Pariseo at mga tagapagturo ng Kautusan na galing sa Jerusalem, at siya'y tinanong nila,

2“Bakit nilalabag ng mga alagad mo ang mga katuruang minana natin sa ating mga ninuno? Kumakain sila nang hindi muna naghuhugas ng kamay ayon sa tamang paraan!”

3Sinagot sila ni Jesus, “Bakit naman ninyo nilalabag ang utos ng Diyos dahil sa inyong mga tradisyon?

4Sinabi ng Diyos, ‘Igalang mo ang iyong ama at ina’ at, ‘Ang sinumang lumait sa kanyang ama o ina ay dapat patayin.’

5Ngunit itinuturo ninyo na kapag sinabi ng isang tao sa kanyang ama o ina, ‘Ang anumang maitutulong ko sa inyo ay naihandog ko na sa Diyos,’

6hindi na niya kailangang tulungan ang kanyang ama [at ang kanyang ina]. Pinawawalang-kabuluhan ninyo ang salita ng Diyos masunod lamang ninyo ang inyong minanang mga katuruan.

7Mga mapagkunwari! Tama nga ang sinabi ni propeta Isaias tungkol sa inyo,

8‘Ang paggalang sa akin ng bayang ito ay pakunwari lamang, sapagkat sa bibig at hindi sa puso ito bumubukal.

9Walang kabuluhan ang kanilang pagsamba, sapagkat itinuturo nilang galing sa Diyos ang kanilang mga utos.’”

### Ang Nagpaparumi sa Tao
(Mc. 7:14-23)

10Pinalapit ni Jesus ang mga tao at sinabi sa kanila, “Pakinggan ninyo at unawain ang aking sasabihin.

11Ang lumalabas sa bibig ng tao, hindi ang pumapasok, ang siyang nagpaparumi sa kanya sa paningin ng Diyos.”

12Pagkatapos, lumapit naman ang mga alagad at sinabi sa kanya, “Hindi po ba ninyo alam na nasaktan ang mga Pariseo sa sinabi ninyo?”

13Sumagot siya, “Ang bawat halamang hindi itinanim ng aking Ama na nasa langit ay bubunutin.

14Hayaan ninyo sila. Sila'y mga bulag na taga-akay [ng mga bulag;] at kapag bulag ang umakay sa kapwa bulag, pareho silang mahuhulog sa hukay.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Sinabi sa kanya ni Pedro, “Ipaliwanag nga po ninyo sa amin ang talinghagang [ito.]”

16At sinabi ni Jesus, “Pati ba kayo'y wala ring pang-unawa?

17Hindi ba ninyo nalalaman na anumang pumapasok sa bibig ay tumutuloy sa tiyan at pagkatapos ay idinudumi?

18Ngunit ang lumalabas sa bibig ay nanggagaling sa puso. Iyan ang nagpaparumi sa tao.

19Sapagkat sa puso nanggagaling ang masasamang kaisipan, pagpatay, pangangalunya, pakikiapid, pagnanakaw, pagiging saksi para sa kasinungalingan, at paninirang-puri.

20Iyan ang nagpaparumi sa tao sa paningin ng Diyos. Hindi nagiging marumi ang isang tao kung siya man ay kumain nang hindi muna naghuhugas ng kamay.”

### Ang Pananalig ng Isang Cananea

(Mc. 7:24-30)

21Umalis doon si Jesus at nagpunta sa lupaing malapit sa Tiro at Sidon.

22Isang Cananea na nakatira doon ang lumapit sa kanya na sumisigaw, “Panginoon, Anak ni David, maawa po kayo sa akin! Ang anak kong babae ay sinasapian ng demonyo at labis na pinapahirapan nito.”

23Ngunit hindi sumagot si Jesus. Lumapit ang kanyang mga alagad at sinabi kay Jesus, “Paalisin na nga po ninyo siya. Napakaingay niya at sunod nang sunod sa atin.”

24Sumagot si Jesus, “Sa mga naliligaw na tupa ng sambahayan ng Israel lamang ako isinugo.”

25Ngunit lumapit sa kanya ang babae, lumuhod ito at nagmakaawa, “Tulungan po ninyo ako, Panginoon.”

26Sumagot si Jesus, “Hindi dapat kunin ang pagkain ng mga bata at ibigay sa mga aso.”

27“Totoo nga, Panginoon. Ngunit ang mga aso man po ay kumakain ng mumong nalalaglag sa hapag ng kanilang panginoon,” tugon ng babae.

28At sinabi sa kanya ni Jesus, “Ginang, napakalaki ng iyong pananampalataya! Mangyayari ang hinihiling mo.” At noon di'y gumaling ang kanyang anak.

### Maraming Pinagaling si Jesus

29Pag-alis doon, naglakad si Jesus sa tabi ng Lawa ng Galilea. Umakyat siya sa bundok at naupo roon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Nagdatingan naman ang napakaraming taong may dalang mga pilay, bulag, lumpo, pipi, at marami pang ibang maysakit. Dinala nila ang mga ito sa paanan ni Jesus at sila'y pinagaling niya.

31Kaya't namangha ang mga tao nang makita nilang nakapagsasalita na ang mga pipi, gumaling ang mga lumpo, nakakalakad na ang mga pilay, at nakakakita na ang mga bulag. Kaya't pinuri nila ang Diyos ng Israel.

### Ang Pagpapakain sa Apat na Libo

(Mc. 8:1-10)

32Tinawag ni Jesus ang kanyang mga alagad at sinabi sa kanila, "Nahahabag ako sa mga taong ito. Tatlong araw na ngayong kasama natin sila at wala na silang pagkain. Ayokong paalisin sila nang gutom, baka sila mahilo sa daan."

33Sinabi naman ng mga alagad, "Saan po tayo kukuha ng sapat na pagkain para sa ganito karaming tao sa ilang na ito?"

34"Ilan ang tinapay ninyo riyan?" tanong ni Jesus sa kanila. "Pito po, at mayroon pang ilang maliliit na isda," sagot nila.

35Pinaupo ni Jesus sa lupa ang mga tao.

36Kinuha niya ang pitong tinapay at ang mga isda at nagpasalamat siya sa Diyos. Pagkatapos, pinaghati-hati niya ang mga iyon at ibinigay sa mga alagad upang ipamahagi sa mga tao.

37Nakakain at nabusog ang lahat, at nang ipunin ng mga alagad ang tinapay na lumabis, nakapuno pa sila ng pitong kaing.

38May apat na libong lalaki ang nakakain, bukod pa sa mga babae at mga bata.

39Nang napauwi na ni Jesus ang mga tao, sumakay siya sa bangka at nagtungo sa lupain ng Magadan.

## Mateo 16

### Hiningan ng Tanda si Jesus

(Mc. 8:11-13; Lu. 12:54-56)

1Lumapit kay Jesus ang ilang Pariseo at Saduseo. Upang siya'y subukin, humingi sila sa kanya ng isang himala mula sa langit.

2Ngunit sinabi ni Jesus sa kanila, ["Kapag dapit-hapon ay sinasabi ninyo, 'Magiging maganda ang panahon dahil maaliwalas ang langit.'

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3At kapag umaga nama'y sinasabi ninyo, 'Uulan ngayon dahil madilim ang langit.' Nakakabasa kayo ng palatandaan sa langit, ngunit hindi ninyo mabasa ang mga palatandaan ng kasalukuyang panahon.]

4Lahing masama at taksil sa Diyos! Humihingi kayo ng palatandaan, ngunit walang ibibigay sa inyo maliban sa himalang nangyari kay Jonas!" Pagkatapos nito, umalis si Jesus.

**Ang Pampaalsang Ginagamit ng mga Pariseo at mga Saduseo**

(Mc. 8:14-21)

5Nang tumawid sa ibayo ang mga alagad, nakalimutan nilang magdala ng tinapay.

6Sinabi ni Jesus sa kanila, "Mag-ingat kayo sa pampaalsang kinakalat ng mga Pariseo at mga Saduseo."

7Nag-usap-usap ang mga alagad, "Wala kasi tayong dalang tinapay, kaya sinabi niya iyon."

8Alam ni Jesus ang pinag-uusapan nila kaya't sila'y tinanong, "Bakit ninyo pinag-uusapang wala kayong dalang tinapay? Napakaliit ng inyong pananampalataya!

9Hindi pa ba ninyo nauunawaan hanggang ngayon? Nakalimutan na ba ninyo ang limang tinapay na pinaghati-hati para sa limanlibong tao? Ilang kaing na tinapay ang lumabis?

10Gayundin ang pitong tinapay para sa apat na libo. Ilang kaing na tinapay ang lumabis?

11Hindi tungkol sa tinapay ang sinasabi ko nang sabihin ko sa inyong mag-ingat kayo sa pampaalsang kinakalat ng mga Pariseo at mga Saduseo! Hindi ba ninyo maunawaan ito?"

12At naunawaan nila na sila'y pinag-iingat niya sa mga katuruan ng mga Pariseo at mga Saduseo, at hindi sa pampaalsang ginagamit sa tinapay.

**Ang Pahayag ni Pedro tungkol kay Jesus**

(Mc. 8:27-30; Lu. 9:18-21)

13Nang dumating si Jesus sa bayan ng Cesarea ng Filipos, tinanong niya ang kanyang mga alagad, "Sino raw ang Anak ng Tao, ayon sa mga tao?"

14At sumagot sila, "Ang sabi po ng ilan, kayo si Juan na Tagapagbautismo. Sabi po naman ng iba, kayo si Elias. At may nagsasabi pong kayo si Jeremias, o isa sa mga propeta."

15Tinanong ulit sila ni Jesus, "Ngunit para sa inyo, sino ako?"

16Sumagot si Simon Pedro, "Kayo po ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buháy."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Sinabi sa kanya ni Jesus, “Pinagpala ka, Simon na anak ni Jonas! Sapagkat ang katotohanang ito'y hindi inihayag sa iyo ng sinumang tao kundi ng aking Ama na nasa langit.

18At sinasabi ko sa iyo, ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesya at ang kapangyarihan ng kamatayan ay hindi magtatagumpay laban sa kanya.

19Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit. Ang ipagbawal mo sa lupa ay ipagbabawal sa langit, at ang ipahintulot mo sa lupa ay ipahihintulot din sa langit.”

20At mahigpit niyang iniutos sa kanyang mga alagad na huwag sabihin kaninuman na siya nga ang Cristo.

### Unang Pagpapahayag ni Jesus tungkol sa Kanyang Kamatayan at Muling Pagkabuhay

(Mc. 8:31–9:1; Lu. 9:22-27)

21Mula noon ay ipinaalam na ni Jesus sa kanyang mga alagad ang mangyayari sa kanya. Sinabi niya, “Dapat akong magtungo sa Jerusalem at magdanas ng maraming hirap sa kamay ng mga pinuno ng bayan, mga punong pari at mga tagapagturo ng Kautusan. Ako'y papatayin, ngunit sa ikatlong araw ako'y muling mabubuhay.”

22Dinala siya ni Pedro sa isang tabi at pinagsabihan, “Panginoon, huwag nawang itulot ng Diyos! Kailanma'y hindi iyan mangyayari sa inyo.”

23Ngunit hinarap siya ni Jesus at sinabihan, “Lumayo ka, Satanas! Hadlang ka sa aking landas. Ang iniisip mo'y hindi sa Diyos kundi sa tao.”

24Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Sinumang nagnanais sumunod sa akin ay kailangang itakwil ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa akin.

25Ang naghahangad na magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito; ngunit ang mawalan ng kanyang buhay alang-alang sa akin ay magkakamit nito.

26Sapagkat ano ba ang mapapala ng isang tao makamtan man niya ang buong daigdig, ngunit mapapahamak naman ang kanyang sarili? Ano ang maibibigay ng isang tao kapalit ng kanyang buhay?

27Sapagkat darating ang Anak ng Tao na kasama ang kanyang mga anghel, at taglay ang dakilang kapangyarihan ng kanyang Ama. Sa panahong iyo'y gagantimpalaan niya ang bawat tao ayon sa ginawa nito.

28Tandaan ninyo: may ilan sa inyong naririto na hindi mamamatay hangga't hindi nila nakikita ang Anak ng Tao na dumarating bilang hari.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mateo 17

### Ang Pagbabagong-anyo ni Jesus
(Mc. 9:2-13; Lu. 9:28-36)

1Pagkaraan ng anim na araw, isinama ni Jesus si Pedro at ang magkapatid na Santiago at Juan, at sila'y umakyat sa isang mataas na bundok.

2Habang sila'y naroroon, nakita nilang nagbago ang anyo ni Jesus, nagliwanag na parang araw ang kanyang mukha at nagningning sa kaputian ang kanyang damit.

3At nakita ng tatlong alagad sina Moises at Elias na nakikipag-usap kay Jesus.

4Sinabi ni Pedro kay Jesus, “Panginoon, mabuti't naririto kami. Kung gusto ninyo, magtatayo ako ng tatlong tolda, isa sa inyo, isa kay Moises at isa kay Elias.”

5Habang nagsasalita pa si Pedro, nililiman sila ng napakaliwanag na ulap. Mula rito'y may tinig na nagsabi, “Ito ang minamahal kong Anak na lubos kong kinalulugdan. Pakinggan ninyo siya!”

6Nang marinig ng mga alagad ang tinig, labis silang natakot at nagpatirapa.

7Ngunit nilapitan sila ni Jesus at hinawakan. “Tumayo kayo, huwag kayong matakot!” sabi niya.

8Nang tumingin sila, si Jesus na lamang ang kanilang nakita.

9Habang sila'y bumababa sa bundok, iniutos sa kanila ni Jesus, “Huwag ninyong sasabihin kaninuman ang tungkol sa pangitain hangga't hindi muling nabubuhay ang Anak ng Tao.”

10Tinanong siya ng mga alagad, “Bakit po sinasabi ng mga tagapagturo ng Kautusan na dapat munang dumating si Elias?”

11Sumagot siya, “Darating nga si Elias upang ihanda ang lahat ng bagay.

12At sinasabi ko sa inyo, dumating na si Elias ngunit hindi siya kinilala ng mga tao, at ginawa nila kay Elias ang gusto nila. Kaya't tulad ng ginawa sa kanya, pahihirapan din nila ang Anak ng Tao.”

13Naunawaan ng mga alagad na si Juan na Tagapagbautismo ang tinutukoy niya.

### Pinagaling ni Jesus ang Batang Sinasaniban ng Demonyo
(Mc. 9:14-29; Lu. 9:37-43a)

14Pagbalik nila sa maraming tao, lumapit kay Jesus ang isang lalaki at lumuhod ito sa harap niya, at nagsabi,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15“Ginoo, maawa po kayo sa anak ko! Siya po'y may epilepsya at lubhang nahihirapan. Madalas po siyang mabuwal sa apoy o kaya'y mahulog sa tubig.

16Dinala ko po siya sa inyong mga alagad ngunit siya'y hindi nila mapagaling.”

17Sumagot si Jesus, “Lahing napakasama at walang pananampalataya! Hanggang kailan ako dapat manatiling kasama ninyo? Hanggang kailan ko kayo pagtitiisan? Dalhin ninyo rito ang bata!”

18Inutusan ni Jesus ang demonyo na lumabas sa bata, at ang bata'y gumaling agad.

19Pagkatapos, nang sila-sila na lamang, lumapit ang mga alagad at tinanong si Jesus, “Bakit hindi po namin mapalayas ang demonyo?”

20Sumagot siya, “Dahil sa maliit ang inyong pananampalataya. Tandaan
ninyo: kung kayo'y may pananampalataya sa Diyos na sinlaki ng buto ng
mustasa, maaari ninyong sabihin sa bundok na ito, ‘Lumipat ka roon!’ at ito'y
lilipat nga. Tunay na walang bagay na hindi ninyo magagawa.” [21Ngunit ang
ganitong uri ng demonyo ay hindi mapapalayas kundi sa pamamagitan ng
pananalangin at pag-aayuno.]

**Muling Binanggit ni Jesus ang Kanyang Kamatayan at Muling Pagkabuhay**

(Mc. 9:30-32; Lu. 9:43b-45)

22Nang magkatipon sa Galilea ang mga alagad, sinabi sa kanila ni Jesus, “Ang Anak ng Tao ay ipagkakanulo

23at papatayin, ngunit siya'y muling bubuhayin sa ikatlong araw.” At sila'y lubhang nalungkot.

**Pagbabayad ng Buwis para sa Templo**

24Pagdating nila sa Capernaum, lumapit kay Pedro ang mga maniningil ng buwis para sa templo. “Nagbabayad ba ng buwis para sa templo ang inyong guro?” tanong nila.

25“Opo,” sagot ni Pedro. Nang pumasok siya sa bahay, tinanong siya ni Jesus, “Ano sa palagay mo, Simon? Sino ba ang nagbabayad ng buwis sa mga hari dito sa mundo, ang mga mamamayan ba, o ang mga dayuhan?”

26“Ang mga dayuhan po,” tugon ni Pedro. Sinabi ni Jesus, “Kung gayon, hindi dapat magbayad ang mga mamamayan.

27Gayunman, para wala silang masabi sa atin, pumunta ka sa lawa at mamingwit ka. Kunin mo ang unang isdang mahuli mo, ibuka mo ang bibig niyon, at may makikita kang isang salaping pilak. Kunin mo iyon at ibayad mo para sa buwis nating dalawa.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mateo 18

### Sino ang Pinakadakila?
(Mc. 9:33-37; Lu. 9:46-48)

1Nang mga sandaling iyon, lumapit kay Jesus ang mga alagad at nagtanong, “Sino po ang pinakadakila sa kaharian ng langit?”

2Tumawag si Jesus ng isang bata, pinatayo sa gitna nila

3at sinabi, “Tandaan ninyo: kapag hindi kayo nagbago at naging katulad ng mga bata, hinding-hindi kayo makakapasok sa kaharian ng langit.

4Ang sinumang nagpapakababa na gaya ng batang ito ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit.

5Ang sinumang tumatanggap sa isang batang katulad nito alang-alang sa akin, ako ang kanyang tinatanggap.”

### Mga Sanhi ng Pagkakasala
(Mc. 9:42-48; Lu. 17:1-2)

6“Mas mabuti pa sa isang tao ang siya'y bitinan sa leeg ng isang malaking gilingang-bato at ihulog sa kailaliman ng dagat kaysa siya'y maging sanhi ng pagkakasala ng isa sa maliliit na ito na nananampalataya sa akin.

7Kahabag-habag ang daigdig sa dami ng mga tuksong nagiging sanhi ng pagkakasala! Hindi nga maiiwasan ang pagdating ng tukso, ngunit kakila-kilabot ang sasapitin ng taong pinanggagalingan nito.

8“Kung ang iyong kamay o paa ang nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, putulin mo iyon at itapon! Mas mabuti pa ang magkaroon ng buhay na walang hanggan na putol ang isang kamay o isang paa, kaysa kumpleto ang iyong dalawang kamay at dalawang paa na itatapon sa apoy na hindi namamatay.

9Kung ang mata mo naman ang siyang nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, dukitin mo ito at itapon! Mas mabuti pa ang magkaroon ng buhay na walang hanggan na bulag ang isang mata, kaysa may dalawang mata kang itapon sa apoy ng impiyerno.”

### Ang Talinghaga tungkol sa Nawawalang Tupa
(Lu. 15:3-7)

10“Pakaingatan ninyong huwag hamakin ang isa sa maliliit na ito. Sinasabi ko sa inyo, ang kanilang mga anghel ay laging nasa harap ng aking Ama na
nasa langit. [11Sapagkat naparito ang Anak ng Tao upang iligtas ang napahamak.]

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12“Ano sa palagay ninyo ang gagawin ng isang taong may sandaang tupa kung nawala ang isa sa mga iyon? Hindi ba't iniiwan niya ang siyamnapu't siyam na nasa bundok upang hanapin ang naligaw?

13Tandaan ninyo: kapag ito'y kanyang natagpuan, higit niyang ikagagalak ang isang ito kaysa siyamnapu't siyam na hindi naligaw.

14Gayundin naman hindi ayon sa kalooban ng inyong Ama na nasa langit na mapahamak ang isa sa maliliit na ito.”

**Kung Magkasala ang Isang Kapatid**

15“Kung magkasala [sa iyo] ang kapatid mo, puntahan mo siya at kausapin nang sarilinan tungkol sa kanyang kamalian. Kapag nakinig siya sa iyo, naibalik mo na ang inyong pagsasamahan bilang magkapatid.

16Ngunit kung ayaw niyang makinig sa iyo, magsama ka pa ng isa o dalawang tao upang ang lahat ng pinag-usapan ninyo ay mapatunayan ng dalawa o tatlong saksi.

17Kung ayaw niyang makinig sa kanila, sabihin mo sa iglesya ang nangyari. At kung ayaw pa rin niyang makinig sa iglesya, ituring mo siyang parang Hentil o isang maniningil ng buwis.”

**Kapangyarihang Magbawal o Magpahintulot**

18“Tandaan ninyo: anumang ipagbawal ninyo dito sa lupa ay ipagbabawal sa langit, at ang ipahintulot ninyo dito sa lupa ay ipahihintulot sa langit.

19“Tandaan din ninyo: kung ang dalawa sa inyo ay nagkaisa dito sa lupa sa paghingi ng anuman, ito'y ipagkakaloob sa inyo ng aking Ama na nasa langit.

20Sapagkat saanman may dalawa o tatlong nagkakatipon sa pangalan ko, naroon akong kasama nila.”

**Ang Talinghaga tungkol sa Lingkod na Di Marunong Magpatawad**

21Lumapit si Pedro at nagtanong kay Jesus, “Panginoon, ilang beses ko po bang patatawarin ang aking kapatid na nagkakasala sa akin? Pitong beses po ba?”

22Sinagot siya ni Jesus, “Hindi pitong beses, kundi pitumpung ulit na pito.

23Sapagkat ang kaharian ng langit ay katulad nito: ipinasya ng isang hari na hingan ng ulat ang kanyang mga alipin tungkol sa kanilang mga utang.

24Nang simulan niyang magkwenta, dinala sa kanya ang isang lingkod na may utang na milyun-milyong piso.

25Dahil sa siya'y walang maibayad, iniutos ng hari na ipagbili siya, pati ang kanyang asawa, mga anak, at lahat ng kanyang ari-arian, upang siya'y makabayad.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

26Lumuhod ang lingkod sa harapan ng hari at nagmakaawa, ‘Bigyan pa po ninyo ako ng panahon at babayaran ko sa inyo ang lahat.’

27Naawa sa kanya ang hari kaya't pinatawad siya sa kanyang pagkakautang at pinalaya.

28“Ngunit pagkaalis roon ay nakita niya ang isa niyang kapwa lingkod na may utang sa kanya na ilang daang piso. Sinakal niya ito, sabay sabi, ‘Magbayad ka ng utang mo!’

29Lumuhod ito at nagmakaawa sa kanya, ‘Bigyan mo pa ako ng panahon at babayaran kita.’

30Ngunit hindi siya pumayag. Sa halip, ito'y ipinabilanggo niya hanggang sa makabayad.

31“Sumama ang loob ng ibang mga lingkod ng hari sa pangyayaring iyon, kaya't pumunta sila sa hari at nagsumbong.

32Ipinatawag ng hari ang lingkod na iyon. ‘Napakasama mo!’ sabi niya. ‘Pinatawad kita sa utang mo sapagkat nagmakaawa ka sa akin.

33Naawa ako sa iyo. Hindi ba't dapat ka rin sanang nahabag sa kapwa mo?’

34At sa galit ng hari, siya'y ipinabilanggo hanggang sa mabayaran nang buo ang kanyang utang.

35Gayundin ang gagawin sa inyo ng aking Ama na nasa langit kung hindi ninyo taos pusong patatawarin ang inyong kapatid.”

## Mateo 19

### Katuruan tungkol sa Paghihiwalay ng Mag-asawa

(Mc. 10:1-12)

1Pagkatapos niyang ipangaral ang mga bagay na ito, umalis si Jesus sa Galilea at nagtungo sa lupain ng Judea, sa kabila ng Ilog Jordan.

2Sinundan siya ng napakaraming tao, at doo'y pinagaling niya ang mga maysakit.

3May ilang Pariseong lumapit sa kanya na humanap ng maipaparatang sa kanya. Tanong nila, “Naaayon ba sa Kautusan na hiwalayan ng lalaki ang kanyang asawa sa kahit anong dahilan?”

4Sumagot si Jesus, “Hindi ba ninyo nabasa na sa pasimula'y nilalang ng Diyos ang tao na lalaki at babae?

5At siya rin ang nagsabi, ‘Dahil dito'y iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina, at magsasama sila ng kanyang asawa at sila'y magiging isa.’

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Hindi na sila dalawa kundi iisa, kaya't ang pinagsama ng Diyos ay huwag paghiwalayin ng tao.”

7Tinanong siya ng mga Pariseo, “Kung gayon, bakit iniutos ni Moises na bigyan ng lalaki ang kanyang asawa ng isang kasulatan ng paghihiwalay bago niya ito palayasin?”

8Sumagot si Jesus, “Ipinahintulot ni Moises na hiwalayan ninyo ang inyong asawa dahil sa katigasan ng inyong ulo. Subalit hindi ganoon sa pasimula.

9Ito ang sinasabi ko sa inyo, sinumang lalaking humiwalay sa kanyang asawa, maliban kung ang asawa niya'y nakikiapid, [itinutulak niya ang kanyang asawa na mangalunya] at siya'y mag-asawa ng iba ay nagkakasala ng pangangalunya [at ang mag-asawa sa babaing hiniwalayan ay nagkakasala rin ng pangangalunya].”

10Sinabi naman ng mga alagad, “Kung ganyan po ang kalagayan ng lalaki sa kanyang asawa, mabuti pang huwag nang mag-asawa.”

11Sumagot si Jesus, “Hindi lahat ay kayang tumanggap ng aral na ito kundi sila lamang na pinagkalooban ng Diyos.

12Sapagkat may iba't ibang dahilan kung bakit may mga lalaking hindi makapag-asawa: ang ilan ay isinilang na may ganitong kapansanan; ang iba nama'y dahil sa kagagawan ng ibang tao; mayroon namang hindi nag-aasawa alang-alang sa kaharian ng langit. Hayaang tanggapin ang aral na ito ng may kakayahang tumanggap nito.”

**Ipinanalangin ni Jesus ang mga Bata**
(Mc. 10:13-16; Lu. 18:15-17)

13May nagdala ng mga bata kay Jesus upang ipatong niya sa mga ito ang kanyang kamay at sila'y ipanalangin. Ngunit pinagalitan sila ng mga alagad.

14Sinabi ni Jesus, “Hayaan ninyong lumapit sa akin ang mga bata. Huwag ninyo silang pagbawalan sapagkat ang mga katulad nila ang mapapabilang sa kaharian ng langit.”

15Ipinatong nga niya sa mga bata ang kanyang kamay, at pagkatapos, siya'y umalis.

**Ang Binatang Mayaman**
(Mc. 10:17-31; Lu. 18:18-30)

16May isa namang lalaking lumapit kay Jesus at nagtanong, “Guro, anong mabuting bagay ang dapat kong gawin upang makamtan ko ang buhay na walang hanggan?”

17Sumagot si Jesus, “Bakit mo ako tinatanong kung ano ang mabuti? Iisa lang ang mabuti. Ngunit kung nais mong magkamit ng buhay na walang hanggan, sundin mo ang mga utos ng Diyos.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18“Alin sa mga iyon?” tanong niya. Sumagot si Jesus, “Huwag kang papatay; huwag kang mangangalunya; huwag kang magnanakaw; huwag kang sasaksi nang walang katotohanan;

19igalang mo ang iyong ama at ina; at ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.”

20Sinabi ng binata, “Sinunod ko na po ang lahat ng iyan. Ano pa po ang dapat kong gawin?”

21Sumagot si Jesus, “Kung ibig mong maging ganap, ipagbili mo ang lahat ng iyong ari-arian at ipamahagi sa mga mahihirap. At magkakaroon ka ng kayamanan sa langit. Pagkatapos, bumalik ka at sumunod ka sa akin.”

22Pagkarinig nito, malungkot na umalis ang binata sapagkat siya'y napakayaman.

23Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Tandaan ninyo: napakahirap sa isang mayaman ang makapasok sa kaharian ng langit!

24Sinasabi ko rin sa inyo: mas madali pang makadaan sa butas ng karayom ang isang kamelyo, kaysa makapasok sa kaharian ng Diyos ang isang mayaman.”

25Lubhang nagtaka ang mga alagad sa kanilang narinig kaya't nagtanong sila, “Kung gayon, sino po ang maliligtas?”

26Tiningnan sila ni Jesus at sinabi, “Hindi ito magagawa ng tao, ngunit magagawa ng Diyos ang lahat ng bagay.”

27Nagsalita naman si Pedro, “Tingnan po ninyo, iniwan namin ang lahat at kami'y sumunod sa inyo. Ano po naman ang para sa amin?”

28Sinabi sa kanila ni Jesus, “Tandaan ninyo: kapag naghahari na ang Anak ng Tao sa kanyang trono ng kaluwalhatian sa bagong daigdig, kayong sumunod sa akin ay uupo din sa labindalawang trono upang mamuno sa labindalawang lipi ng Israel.

29Kapag iniwan ninuman ang kanyang tahanan, mga kapatid na lalaki at babae, ama, ina, [asawa,] mga anak, o mga lupain alang-alang sa akin ay tatanggap siya ng sandaang ibayo at pagkakalooban siya ng buhay na walang hanggan.

30Ngunit maraming nauuna na magiging huli, at maraming nahúhulí na mauuna.”

## Mateo 20

### Ang Talinghaga tungkol sa mga Manggagawa sa Ubasan

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1“Ang kaharian ng langit ay maitutulad sa isang taong lumabas nang maagang-maaga upang kumuha ng manggagawa para sa kanyang ubasan.

2Nang magkasundo na sila sa upa na isang salaping pilak sa maghapon, ang mga manggagawa ay pinapunta niya sa kanyang ubasan.

3Lumabas siyang muli nang mag-aalas nuwebe ng umaga at nakakita siya ng iba pang tatayu-tayo lamang sa palengke.

4Sinabi niya sa kanila, ‘Pumunta rin kayo at magtrabaho sa aking ubasan, at bibigyan ko kayo ng karampatang upa.’

5At pumunta nga sila. Lumabas na naman siya nang mag-aalas dose ng tanghali at nang mag-aalas tres ng hapon, at ganoon din ang ginawa niya.

6Nang mag-aalas singko na ng hapon, siya'y lumabas muli at nakakita pa ng mga ibang wala ring ginagawa. Sinabi niya sa kanila, ‘Bakit tatayu-tayo lang kayo dito sa buong maghapon?’

7‘Wala po kasing magbigay sa amin ng trabaho,’ sagot nila. Kaya't sinabi niya, ‘Kung gayon, pumunta rin kayo sa aking ubasan.’

8“Nang gumagabi na, sinabi ng may-ari ng ubasan sa kanyang katiwala, ‘Tawagin mo na ang mga manggagawa at bayaran mo sila magmula sa huli hanggang sa unang nagtrabaho.’

9Ang mga nagsimula nang mag-aalas singko ng hapon ay tumanggap ng tig-iisang salaping pilak.

10Nang lumapit ang mga nauna, inakala nilang tatanggap sila nang higit doon; ngunit ang bawat isa'y binayaran din ng tig-iisang salaping pilak.

11Nang magkagayo'y nagreklamo sila sa may-ari ng ubasan.

12Sinabi nila, ‘Isang oras lamang nagtrabaho ang mga ito na huling dumating, samantalang maghapon kaming nagtrabaho at nagtiis sa nakakapasong init ng araw. Bakit naman pinagpare-pareho ninyo ang aming upa?’

13Sumagot ang may-ari ng ubasan sa isa sa kanila, ‘Kaibigan, hindi kita dinadaya. Hindi ba't pumayag ka sa isang salaping pilak?

14Kunin mo ang para sa iyo at umalis ka na. Ano sa iyo kung ibig kong bayaran ang nahuli nang tulad ng ibinayad ko sa iyo?

15Wala ba akong karapatang gawin sa ari-arian ko ang aking maibigan? Kayo ba'y naiinggit dahil ako'y nagmagandang-loob sa iba?’”

16At sinabi ni Jesus, “Ang nahúhulí ay mauuna, at ang nauuna ay mahuhuli.”

### Ikatlong Pagpapahayag ni Jesus ng Kanyang Kamatayan

(Mc. 10:32-34; Lu. 18:31-34)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Nang nasa daan na sila papuntang Jerusalem, ibinukod ni Jesus ang labindalawang alagad at sinabi sa kanila,

18“Pupunta tayo sa Jerusalem. Doo'y ipagkakanulo ang Anak ng Tao sa mga punong pari at sa mga tagapagturo ng Kautusan. Hahatulan siya ng kamatayan

19at ibibigay sa mga Hentil. Siya'y kukutyain, hahagupitin at ipapako sa krus ngunit muli siyang bubuhayin ng Diyos sa ikatlong araw.”

**Ang Kahilingan ng Ina nina Santiago at Juan**
(Mc. 10:35-45)

20Lumapit kay Jesus ang asawa ni Zebedeo, kasama ang dalawa niyang anak na lalaki. Lumuhod siya sa harapan ni Jesus upang sabihin ang kanyang kahilingan.

21“Ano ang gusto mo?” tanong ni Jesus. Sumagot siya, “Kapag naghahari na po kayo, paupuin ninyo sa inyong tabi ang dalawa kong anak, isa sa kanan at isa sa kaliwa.”

22“Hindi ninyo nalalaman ang inyong hinihingi,” sabi ni Jesus sa kanila. “Kaya ba ninyong tiisin ang hirap na malapit ko nang danasin?” “Opo,” tugon nila.

23At sinabi ni Jesus, “Daranasin nga ninyo ang hirap na titiisin ko. Ngunit wala sa akin ang pagpapasya kung sino ang mauupo sa aking kanan at sa aking kaliwa. Ang mga upuang iyo'y para sa pinaglalaanan ng aking Ama.”

24Nang marinig ito ng sampung alagad, nagalit sila sa magkapatid.

25Dahil dito, pinalapit ni Jesus ang kanyang mga alagad at sinabi sa kanila, “Alam ninyo na ang mga pinuno ng mga Hentil ay itinataas ang kanilang sarili bilang mga panginoon sa kanila, at ang kagustuhan ng mga nasa kapangyarihan ang siyang nasusunod.

26Hindi ganyan ang dapat umiral sa inyo. Sa halip, kung nais ninyong maging dakila, dapat kayong maging lingkod sa iba,

27at kung sinuman sa inyo ang nagnanais maging una, ay dapat maging alipin ninyo.

28Sapagkat maging ang Anak ng Tao ay naparito, hindi upang paglingkuran, kundi upang maglingkod at ialay ang kanyang buhay sa ikatutubos ng marami.”

**Pinagaling ang Dalawang Bulag**
(Mc. 10:46-52; Lu. 18:35-43)

29Pag-alis nila sa Jerico, si Jesus ay sinundan ng napakaraming tao.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Doon ay may dalawang bulag na nakaupo sa tabi ng daan. Nang marinig nilang dumaraan si Jesus, sila'y nagsisigaw, “Panginoon, Anak ni David, mahabag po kayo sa amin!”

31Pinagsabihan sila ng mga tao at pinatahimik, ngunit lalo silang nagsisigaw, “Panginoon, Anak ni David, mahabag po kayo sa amin!”

32Tumigil si Jesus, tinawag sila at tinanong, “Ano ang gusto ninyong gawin ko sa inyo?”

33Sumagot sila, “Panginoon, gusto po naming makakita!”

34Nahabag si Jesus sa kanila at hinipo ang kanilang mga mata. Agad silang nakakita, at sila'y sumunod sa kanya.

## Mateo 21

### Matagumpay na Pagpasok sa Jerusalem

(Mc. 11:1-11; Lu. 19:28-40; Jn. 12:12-19)

1Nang malapit na sila sa Jerusalem, dumaan sila sa Bethfage, sa Bundok ng mga Olibo. Inutusan ni Jesus ang dalawa sa kanyang mga alagad,

2“Pumunta kayo sa susunod na nayon at makikita ninyo kaagad doon ang isang babaing asno na nakatali, kasama ang kanyang anak. Kalagan ninyo ang mga iyon at dalhin sa akin.

3Kapag may nagtanong sa inyo, sabihin ninyong kailangan iyon ng Panginoon at ibibigay niya agad ang mga iyon sa inyo.”

4Sa gayon, natupad ang sinabi ng propeta:

5“Sa lungsod ng Zion ay ipahayag ninyo, ‘Tingnan mo, ang iyong hari ay dumarating. Siya'y mapagpakumbaba; masdan mo't siya'y nakasakay sa isang asno, at sa isang bisiro na anak ng asno.’”

6Lumakad nga ang mga alagad at ginawa ang iniutos ni Jesus.

7Dinala nila kay Jesus ang asno at ang bisiro, at isinapin sa likod ng mga ito ang kanilang balabal at sumakay si Jesus.

8Maraming naglatag ng kanilang balabal sa daan; mayroon namang pumutol ng mga sanga ng kahoy at ito'y inilatag sa daan.

9Nagsisigawan ang mga taong nauuna at sumusunod sa kanya. Sigaw nila, “Purihin ang anak ni David! Pinagpala ang dumarating sa pangalan ng Panginoon! Purihin ang Diyos!”

10Pagpasok ni Jesus sa Jerusalem, nagulo ang buong lungsod. “Sino kaya ito?” tanong nila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[11]“Si Jesus, ang propetang taga-Nazaret sa Galilea,” sagot ng karamihan.

### Nagalit si Jesus

(Mc. 11:15-19; Lu. 19:45-48; Jn. 2:13-22)

[12]Pumasok si Jesus sa Templo at ipinagtabuyan niyang palabas ang mga nagtitinda at namimili roon. Ipinagtataob niya ang mga mesa ng mga namamalit ng salapi at ang mga upuan ng mga nagtitinda ng kalapati.

[13]Sinabi niya, “Sinasabi sa Kasulatan, ‘Ang aking tahanan ay tatawaging bahay-dalanginan.’ Ngunit ginawa ninyo itong lungga ng mga magnanakaw.”

[14]Habang si Jesus ay nasa Templo, lumapit sa kanya ang mga bulag at mga pilay, at sila'y kanyang pinagaling.

[15]Nagalit ang mga punong pari at ang mga tagapagturo ng Kautusan nang makita nila ang mga himalang ginawa niya at marinig ang mga batang sumisigaw sa loob ng Templo, “Purihin ang Anak ni David!”

[16]Sinabi nila kay Jesus, “Naririnig mo ba ang sinasabi nila?” “Naririnig ko,” tugon ni Jesus. “Hindi ba ninyo nabasa sa kasulatan: ‘Pinalabas mo sa bibig ng mga sanggol at ng mga pasusuhin ang wagas na papuri’?”

[17]Iniwan sila ni Jesus at lumabas siya ng lungsod papuntang Bethania. Doon siya nagpalipas ng gabi.

### Sinumpa ang Puno ng Igos

(Mc. 11:12-14, 20-24)

[18]Kinaumagahan, nang si Jesus ay pabalik sa lungsod, siya'y nakaramdam ng gutom.

[19]Nakita niya ang isang puno ng igos sa tabi ng daan at nilapitan iyon. Wala siyang nakitang bunga kundi mga dahon lamang. Kaya't sinabi niya dito, “Hindi ka na mamumunga kailanman!” Agad na natuyo ang puno.

[20]Nakita ng mga alagad ang nangyari at sila'y namangha. “Paanong natuyo agad ang puno ng igos?” tanong nila.

[21]Sumagot si Jesus, “Tandaan ninyo: kung kayo'y maniniwala at hindi mag-aalinlangan, magagawa rin ninyo ang ginawa ko sa puno ng igos na ito. Hindi lamang iyan, kung sasabihin ninyo sa bundok na ito, ‘Umalis ka riyan, at tumalon ka sa dagat,’ mangyayari ang inyong sinabi.

[22]Anumang hingin ninyo sa panalangin ay tatanggapin ninyo kung naniniwala kayo.”

### Pag-uusisa tungkol sa Karapatan ni Jesus

(Mc. 11:27-33; Lu. 20:1-8)

[23]Pumasok si Jesus sa Templo. Habang siya'y nagtuturo doon, lumapit sa kanya ang mga punong pari at ang mga pinuno ng bayan, at siya'y tinanong,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

"Ano ang karapatan mong gumawa ng mga bagay na ito? Sino ang nagbigay sa iyo ng karapatang gumawa nito?"

24 Sumagot si Jesus, "Tatanungin ko rin kayo. Kapag sinagot ninyo ang tanong ko, saka ko sasabihin sa inyo kung ano ang karapatan kong gumawa ng mga bagay na ito.

25 Kanino nagmula ang karapatan ni Juan upang magbautismo, sa Diyos ba o sa tao?" Kaya't sila'y nag-usap-usap, "Kung sasabihin nating mula sa Diyos, sasabihin naman niya sa atin, 'Bakit hindi ninyo siya pinaniwalaan?'

26 Ngunit kung sasabihin nating mula sa tao, baka kung ano ang gawin sa atin ng mga taong-bayan, sapagkat kinikilala ng lahat na si Juan ay isang propeta."

27 Kaya't sumagot sila kay Jesus, "Hindi namin alam!" Sinabi naman niya sa kanila, "Hindi ko rin sasabihin sa inyo kung saan galing ang karapatan kong gumawa ng mga bagay na ito."

### Ang Talinghaga tungkol sa Dalawang Anak

28 "Ano ang palagay ninyo rito? May isang taong may dalawang anak na lalaki. Lumapit siya sa nakatatanda at sinabi, 'Anak, pumunta ka ngayon sa ubasan at magtrabaho ka roon.'

29 'Ayoko po,' tugon nito, ngunit nagbago ito ng pasya at nagtrabaho sa ubasan.

30 Lumapit din ang ama sa ikalawa at ganoon din ang kanyang sinabi. At tumugon ito, 'Opo,' ngunit hindi naman pumunta sa ubasan.

31 Sino sa dalawa ang sumunod sa kalooban ng kanyang ama?" "Ang nakatatanda po," sagot nila. Sinabi sa kanila ni Jesus, "Tandaan ninyo: ang mga maniningil ng buwis at ang mga bayarang babae ay nauuna pa sa inyo na makapasok sa kaharian ng Diyos.

32 Sapagkat naparito sa inyo si Juan at itinuro ang pagsunod sa kalooban ng Diyos, at hindi ninyo siya pinaniwalaan, ngunit naniwala sa kanya ang mga maniningil ng buwis at ang mga bayarang babae. Nakita ninyo ito subalit hindi pa rin kayo nagsisi't tumalikod sa inyong mga kasalanan, at hindi rin kayo naniwala sa kanya."

### Ang Talinghaga tungkol sa Ubasan at mga Magsasaka

(Mc. 12:1-12; Lu. 20:9-19)

33 "Pakinggan ninyo ang isa pang talinghaga," sabi ni Jesus. "May isang taong nagtanim ng ubas sa kanyang bukid. Binakuran niya ang ubasan, nilagyan ng pisaan, at nagtayo ng isang tore. Pagkatapos, ang ubasan ay kanyang pinaupahan sa mga magsasaka at siya'y nagpunta sa ibang lupain.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

34 Nang dumating ang panahon ng pitasan ng ubas, pinapunta ng may-ari ng ubasan ang kanyang mga tauhan upang kunin sa mga magsasaka ang kanyang bahagi.

35 Ngunit sinunggaban ng mga magsasaka ang mga tauhan; binugbog nila ang isa, pinatay ang ikalawa, at binato naman ang ikatlo.

36 Muling nagpadala ang may-ari ng tauhan, mas marami kaysa una ngunit ganoon din ang ginawa ng mga magsasaka sa mga ito.

37 Sa kahuli-huliha'y pinapunta niya ang kanyang anak na lalaki. Sabi niya sa sarili, ‘Marahil nama'y igagalang nila ang aking anak.’

38 Ngunit nang makita ng mga magsasaka ang anak, sila'y nag-usap-usap, ‘Ito ang tagapagmana. Halikayo! Patayin natin siya upang mapasaatin ang kanyang mamanahin.’

39 Kaya't siya'y sinunggaban nila, inihagis sa labas ng ubasan at pinatay.”

40 At tinanong sila ni Jesus, “Pagbalik ng may-ari ng ubasan, ano kaya ang gagawin niya sa mga taong iyon?”

41 Sumagot sila, “Papatayin niya sa kakila-kilabot na paraan ang masasamang iyon at pauupahan ang ubasan sa ibang magsasaka na magbibigay sa kanya ng kanyang bahagi sa panahon ng pamimitas.”

42 Nagpatuloy si Jesus, “Hindi ba ninyo nabasa sa Kasulatan? ‘Ang batong itinakwil ng mga tagapagtayo ng bahay ang siyang naging batong-panulukan. Ginawa ito ng Panginoon, at ito'y kahanga-hangang pagmasdan!’

43 “Kaya nga sinasabi ko sa inyo, ang kaharian ng Diyos ay kukunin sa inyo
at ibibigay sa mga taong masunurin sa kalooban ng Diyos. [44 Ang bumagsak
sa batong ito ay magkakadurug-durog at ang mabagsakan nito'y
magkakaluray-luray.]”

45 Narinig ng mga punong pari at ng mga Pariseo ang mga talinghaga ni Jesus at naunawaan nilang sila ang tinutukoy niya.

46 Siya'y dadakpin sana nila ngunit natakot sila sa mga tao, sapagkat kinikilala ng mga ito na si Jesus ay isang propeta.

## Mateo 22

### Ang Talinghaga tungkol sa Kasalan

(Lu. 14:15-24)

1 Muling nagsalita sa kanila si Jesus sa pamamagitan ng talinghaga. Sinabi niya,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2“Ang kaharian ng langit ay katulad ng isang haring nagdaos ng isang handaan para sa kasal ng kanyang anak na lalaki.

3Isinugo niya ang kanyang mga lingkod upang tawagin ang mga inanyayahan, ngunit ayaw nilang dumalo.

4Muli siyang nagsugo ng ibang mga lingkod at kanyang pinagbilinan ng ganito: ‘Sabihin ninyo sa mga inanyayahan na nakahanda na ang mga pagkain, kinatay na ang aking mga baka at mga pinatabang guya, at handa na ang lahat. Halina kayo!’

5Ngunit hindi ito pinansin ng mga inanyayahan. Sa halip, pumunta sila sa kani-kanilang lakad. May nagpunta sa kanyang bukid at mayroon namang nag-asikaso ng kanyang negosyo.

6Sinunggaban naman ng iba ang mga lingkod, hinamak at pinatay.

7Galit na galit ang hari kaya't pinapunta niya ang kanyang mga kawal upang puksain ang mga mamamatay-taong iyon at sunugin ang kanilang lungsod.

8Pagkatapos, sinabi niya sa kanyang mga lingkod, ‘Nakahanda na ang mga pagkain ngunit hindi karapat-dapat ang mga inanyayahan.

9Pumunta kayo sa mga pangunahing lansangan at inyong anyayahan sa kasalan ang lahat ng makita ninyo.’

10Pumunta nga sa mga lansangan ang mga lingkod at isinama nila ang lahat ng kanilang natagpuan, masasama't mabubuti, at napuno ng mga panauhin ang bulwagang pangkasalan.

11“Pumasok ang hari upang tingnan ang mga panauhin. Nakita niya ang isang taong hindi nakadamit pangkasalan.

12Tinanong niya ito, ‘Kaibigan, bakit ka pumasok dito nang hindi nakasuot ng damit pangkasalan?’ Hindi nakasagot ang tao,

13kaya't sinabi ng hari sa mga lingkod, ‘Talian ninyo ang kanyang kamay at paa, at itapon siya sa kadiliman sa labas. Doo'y mananangis siya at magngangalit ang kanyang mga ngipin.’”

14Pagkatapos nito'y sinabi ni Jesus, “Marami ang tinatawag, ngunit kakaunti ang pinili.”

### Ang Pagbabayad ng Buwis

(Mc. 12:13-17; Lu. 20:20-26)

15Umalis ang mga Pariseo at nag-usap-usap kung paano nila mahuhuli si Jesus sa kanyang pananalita.

16Kaya pinapunta nila kay Jesus ang ilan sa kanilang mga alagad kasama ng ilang tagasunod ni Herodes. Sinabi ng mga sugo, “Guro, nalalaman naming kayo'y tapat at itinuturo ninyo nang buong katotohanan ang ibig ng

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Diyos na gawin ng mga tao. Wala kayong itinatangi sapagkat patas ang pagtingin ninyo sa mga tao.

17Ano po ang palagay ninyo? Naaayon ba sa Kautusan na magbayad ng buwis sa Emperador, o hindi?”

18Alam ni Jesus ang kanilang masamang layunin kaya't sinabi niya, “Kayong mga mapagkunwari! Bakit binibitag ninyo ako?

19Ipakita ninyo sa akin ang isang salaping pambayad sa buwis.” At ipinakita nga nila ang isang salaping pilak.

20“Kaninong larawan at pangalan ang nakaukit diyan?” tanong ni Jesus.

21“Sa Emperador po,” tugon nila. Kaya't sinabi niya sa kanila, “Kung gayon, ibigay ninyo sa Emperador ang para sa kanya, at sa Diyos ang para sa Diyos.”

22Namangha sila nang marinig ito, at sila'y umalis.

### Tungkol sa Muling Pagkabuhay

(Mc. 12:18-27; Lu. 20:27-40)

23Nang araw ding iyon, may lumapit kay Jesus na ilang Saduseo. Ang mga ito ay hindi naniniwalang muling mabubuhay ang mga patay.

24Sinabi nila, “Guro, itinuro po ni Moises na kung mamatay na walang anak ang isang lalaki, ang kanyang kapatid ay dapat pakasal sa nabiyuda upang magkaanak sila para sa namatay.

25Noon po'y may pitong magkakapatid na lalaki rito sa amin. Nag-asawa ang panganay at namatay siyang walang anak, kaya't ang kanyang asawa ay pinakasalan ng kanyang kapatid.

26Gayundin po ang nangyari sa pangalawa, sa pangatlo, hanggang sa pampito.

27Pagkamatay nilang lahat, namatay naman ang babae.

28Ngayon, sino po sa pito ang magiging asawa niya sa muling pagkabuhay, yamang siya'y napangasawa nilang lahat?”

29Sumagot si Jesus, “Maling-mali kayo, palibhasa'y hindi ninyo nauunawaan ang mga Kasulatan ni ang kapangyarihan ng Diyos.

30Sa muling pagkabuhay, ang mga tao'y hindi na mag-aasawa; sila ay magiging tulad ng mga anghel sa langit.

31Tungkol naman sa muling pagkabuhay ng mga patay, hindi ba ninyo nabasa sa Kasulatan ang sinabi sa inyo ng Diyos? Sabi niya,

32‘Ako ang Diyos ni Abraham, Diyos ni Isaac, at Diyos ni Jacob.’ Ang Diyos ay hindi Diyos ng mga patay, kundi ng mga buháy.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

33Nang marinig ito ng mga tao, namangha sila sa kanyang katuruan.

### Ang Pinakamahalagang Utos
(Mc. 12:28-34; Lu. 10:25-28)

34Nagtipun-tipon ang mga Pariseo nang mabalitaan nilang napatahimik ni Jesus ang mga Saduseo.

35Isa sa kanila, na dalubhasa sa Kautusan, ang nagtanong kay Jesus upang subukin ito.

36“Guro, alin po ang pinakamahalagang utos sa Kautusan?” tanong niya.

37Sumagot si Jesus, “Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, buong kaluluwa mo, at buong pag-iisip mo.

38Ito ang pinakamahalagang utos.

39Ito naman ang pangalawa: Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.

40Sa dalawang utos na ito nakasalalay ang buong Kautusan ni Moises at ang katuruan ng mga propeta.”

### Ang Tanong tungkol sa Anak ni David
(Mc. 12:35-37; Lu. 20:41-44)

41Tinanong naman ni Jesus ang mga Pariseong nagkakatipon doon.

42“Ano ang pagkakilala ninyo tungkol sa Cristo? Kanino siyang anak?” “Kay David po,” sagot nila.

43Sabi ni Jesus, “Kung gayon, bakit siya tinawag ni David na ‘Panginoon’ noong pinapatnubayan siya ng Espiritu? Ganito ang kanyang sinabi,

44‘Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon: Maupo ka sa kanan ko, hanggang lubusan kong mapasuko sa iyo ang mga kaaway mo.’

45Ngayon, kung si David ay tumawag sa kanya ng ‘Panginoon,’ paanong masasabing anak ni David ang Cristo?”

46Isa man sa kanila'y walang nakasagot, at mula noo'y wala nang nangahas magtanong sa kanya.

## Mateo 23

### Ang Katuruan tungkol sa Pagpapakumbaba
(Mc. 12:38-39; Lu. 11:43, 46; 20:45-46)

1Pagkatapos ay sinabi ni Jesus sa mga tao at sa kanyang mga alagad,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2“Ang mga tagapagturo ng Kautusan at ang mga Pariseo ang kinikilalang tagapagpaliwanag ng Kautusan ni Moises.

3Kaya't gawin ninyo ang itinuturo nila at sundin ang kanilang iniuutos, ngunit huwag ninyong tularan ang kanilang ginagawa sapagkat hindi nila isinasagawa ang kanilang ipinapangaral.

4Nagpapataw sila ng mabibigat na pasanin sa mga tao, ngunit ni daliri ay ayaw nilang igalaw upang tumulong sa pagpasan ng mga iyon.

5Pawang pakitang-tao ang kanilang mga gawa. Nilalaparan nila ang mga lalagyan ng talata sa kanilang noo at braso, at hinahabaan ang palawit sa laylayan ng kanilang mga damit.

6Ang nais nila ay ang mga upuang pandangal sa mga handaan at ang mga pangunahing upuan sa sinagoga.

7Gustung-gusto nilang binabati sila sa mga palengke, at tawaging ‘guro.’

8Ngunit, huwag kayong patawag na ‘guro,’ sapagkat iisa ang inyong Guro at kayong lahat ay magkakapatid.

9Huwag ninyong tawaging ama ang sinumang tao sa lupa sapagkat iisa ang inyong Ama, ang Ama na nasa langit.

10Huwag kayong patawag na tagapagturo, sapagkat iisa ang inyong tagapagturo, ang Cristo.

11Ang pinakadakila sa inyo ay magiging lingkod ninyo.

12Ang nagmamataas ay ibababa, at ang nagpapakumbaba ay itataas.”

### Tinuligsa ni Jesus ang mga Tagapagturo ng Kautusan at ang mga Pariseo

(Mc. 12:40; Lu. 11:39-42, 44, 52; 20:47)

13“Kahabag-habag kayo, mga tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo!
Mga mapagkunwari! Hinahadlangan ninyo ang mga tao upang hindi sila
makapasok sa kaharian ng langit. Hindi na nga kayo pumapasok,
hinahadlangan pa ninyo ang mga nais pumasok! [14Kahabag-habag kayo,
mga tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo! Mga mapagkunwari! Inuubos
ninyo ang kabuhayan ng mga biyuda at ang idinadahilan ninyo'y ang
pagdarasal ng mahahaba! Dahil dito'y lalo pang bibigat ang parusa sa inyo!]

15“Kahabag-habag kayo, mga tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo! Mga mapagkunwari! Nilalakbay ninyo ang karagatan at ginagalugad ang buong daigdig makahikayat lamang kayo ng kahit isang Hentil sa pananampalatayang Judio. Ngunit kapag ito'y nahikayat na, ginagawa ninyo siyang masahol pa at lalong dapat parusahan sa impiyerno kaysa sa inyo.

16“Kahabag-habag kayo, mga bulag na taga-akay! Itinuturo ninyo na kung gagamitin ninuman ang Templo sa panunumpa, walang halaga ito. Ngunit

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

kung ang gagamitin niya sa panunumpa ay ang ginto ng Templo, dapat niyang tuparin ang kanyang sumpa.

17Mga bulag! Mga hangal! Alin ba ang mas mahalaga, ang ginto, o ang Templong nagpapabanal sa ginto?

18Sinasabi rin ninyo na kung gagamitin ninuman ang dambana sa panunumpa, walang halaga ito. Ngunit kung ang gagamitin niya ay ang handog na nasa dambana, dapat niyang tuparin ang kanyang sumpa.

19Mga bulag! Alin ba ang mas mahalaga, ang handog o ang dambana na nagpapabanal sa handog?

20Kaya nga, kapag nanumpa ang sinuman na saksi ang dambana, ginagawa niyang saksi ito at ang lahat ng handog dito.

21Kapag nanumpa ang sinuman na saksi niya ang Templo, ginagawa niyang saksi ito at ang Diyos na nasa Templo.

22At kapag nanumpa ang sinuman na saksi niya ang langit, ginagawa niyang saksi ang trono ng Diyos at ang Diyos na nakaupo doon.

23“Kahabag-habag kayo, mga tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo! Mga mapagkunwari! Nagbibigay kayo ng ikasampung bahagi ng maliliit na halamang tulad ng yerbabuena, ruda at linga ngunit kinakaligtaan naman ninyong isagawa ang mas mahahalagang turo sa Kautusan: ang katarungan, ang pagkahahabag, at ang katapatan. Dapat ninyong gawin ang mga ito nang hindi kinakaligtaan ang ibang utos.

24Mga bulag na taga-akay! Sinasala ninyo ang kulisap sa inyong inumin, ngunit nilulunok naman ninyo ang kamelyo!

25“Kahabag-habag kayo, mga tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo! Mga mapagkunwari! Nililinis ninyo ang labas ng tasa at pinggan, ngunit ang mga iyon ay puno ng kasakiman at pagiging makasarili.

26Bulag na Pariseo! Linisin mo muna ang nasa loob ng tasa [at pinggan] at magiging malinis din ang labas nito!

27“Kahabag-habag kayo, mga tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo! Mga mapagkunwari! Ang katulad ninyo'y mga libingang pinaputi, magaganda sa labas, ngunit ang loob ay bulok at puno ng kalansay.

28Ganyang-ganyan kayo! Sa paningin ng tao'y mabubuti, ngunit ang totoo'y punung-puno kayo ng pagkukunwari at kasamaan.”

**Paparusahan ang mga Mapagkunwari**

(Lu. 11:47-51)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29“Kahabag-habag kayo, mga tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo! Mga mapagkunwari! Nagpapagawa kayo ng libingan para sa mga propeta, at pinapaganda ang mga puntod ng mga taong namuhay nang matuwid.

30Sinasabi pa ninyo, ‘Kung kami sana'y nabuhay sa kapanahunan ng aming mga ninuno, hindi kami makikiisa sa pagpatay sa mga propeta.’

31Sa sinabi ninyong iyan, inaamin ninyong kayo'y mga anak ng mga pumaslang sa mga propeta!

32Sige! Tapusin ninyo ang sinimulan ng inyong mga ninuno!

33Mga ahas! Lahi ng mga ulupong! Hindi kayo makakaiwas na maparusahan sa impiyerno!

34Kaya nga, magsusugo ako sa inyo ng mga propeta, mga matatalinong tao at mga tagapagturo! Papatayin ninyo ang ilan sa kanila, at ang iba'y ipapako sa krus. Ang iba'y hahagupitin ninyo sa inyong mga sinagoga at uusigin sa bayan-bayan.

35Kaya nga, paparusahan kayo dahil sa pagkamatay ng lahat ng taong pinatay na walang sala, magmula kay Abel hanggang kay Zacarias na anak ni Baraquias. Pinaslang ninyo si Zacarias sa pagitan ng Templo at ng dambanang sunugan ng mga handog.

36Tandaan ninyo: ang parusa sa lahat ng mga pagpatay na iyon ay babagsak sa salinlahing ito.”

### Ang Pag-ibig ni Jesus sa Jerusalem

(Lu. 13:34-35)

37“Jerusalem, Jerusalem! Pinapatay mo ang mga propeta at binabato ang mga isinugo sa iyo! Ilang ulit kong sinikap na kupkupin ang iyong mga anak, kung paano tinitipon ng isang inahin ang kanyang mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak, ngunit ayaw ninyo.

38Kaya't ang inyong Templo ay iiwan na lubusang pinabayaan.

39Sinasabi ko sa inyo, hindi na ninyo ako makikita hanggang dumating ang oras na sabihin ninyo, ‘Pinagpala ang dumarating sa pangalan ng Panginoon!’”

## Mateo 24

### Tungkol sa Pagkawasak ng Templo

(Mc. 13:1-2; Lu. 21:5-6)

1Lumabas si Jesus sa Templo. Paalis na siya nang lumapit ang mga alagad at itinuro sa kanya ang mga gusali ng Templo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[2]Sinabi niya sa kanila, "Nakikita ba ninyo ang mga gusaling iyan? Tandaan ninyo! Darating ang araw na wala riyang matitirang bato sa ibabaw ng isa pang bato. Lahat ay iguguho!"

### Mga Kahirapan at Pag-uusig na Darating

(Mc. 13:3-13; Lu. 21:7-19)

[3]Habang si Jesus ay nakaupo sa Bundok ng mga Olibo, palihim siyang tinanong ng kanyang mga alagad, "Kailan po ba mangyayari ang mga sinabi ninyo? Ano po ang magiging palatandaan ng inyong muling pagparito at ng katapusan ng mundo?"

[4]Sumagot si Jesus, "Mag-ingat kayo upang hindi kayo mailigaw ninuman!

[5]Maraming paparito sa pangalan ko at magpapanggap na sila ang Cristo, at marami silang maililigaw.

[6]Makakarinig kayo ng mga labanan at makakabalita ng mga digmaan sa iba't ibang dako. Ngunit huwag kayong mababahala dahil talagang mangyayari ang mga iyon, bagama't hindi pa iyon ang katapusan ng mundo.

[7]Maglalaban-laban ang mga bansa at gayundin ang mga kaharian. Magkakaroon ng taggutom at lilindol sa maraming lugar.

[8]Ang lahat ng mga ito'y pasimula pa lamang ng mga paghihirap na tulad sa isang babaing nanganganak.

[9]"Pagkatapos ay kapopootan kayong lahat dahil sa inyong pagsunod sa akin. Isasakdal kayo upang pahirapan at patayin,

[10]at dahil dito'y marami ang tatalikod sa kanilang pananampalataya. Mapopoot sila at magtataksil sa isa't isa.

[11]Marami ang magpapanggap na propeta at ililigaw ang mga tao.

[12]Lalaganap ang kasamaan, kaya't manlalamig ang pag-ibig ng marami.

[13]Ngunit ang mananatiling tapat hanggang wakas ang siyang maliligtas.

[14]Ipapangaral sa buong sanlibutan ang Magandang Balitang ito tungkol sa kaharian ng Diyos upang magsilbing patotoo sa lahat ng mga bansa. At saka darating ang wakas."

### Ang Kasuklam-suklam na Kalapastanganan

(Mc. 13:14-23; Lu. 21:20-24)

[15]"Kapag nakita ninyong nagaganap na sa Dakong Banal ang kasuklam-suklam na kalapastanganang tinutukoy ni Propeta Daniel (unawain ito ng nagbabasa),

[16]ang mga nasa Judea ay dapat tumakas papunta sa kabundukan,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17ang nasa bubungan ay huwag nang mag-aksaya ng panahon na kumuha pa ng kahit ano sa loob ng bahay,

18at ang nasa bukid ay huwag nang umuwi upang kumuha ng balabal.

19Sa mga araw na iyon, kawawa ang mga nagdadalang-tao at mga nagpapasuso!

20Ipanalangin ninyo na ang inyong pagtakas ay huwag mapataon sa taglamig o sa Araw ng Pamamahinga.

21Sapagkat sa mga araw na iyon, ang mga tao'y magdaranas ng matinding kapighatiang hindi pa nararanasan mula nang likhain ang sanlibutan hanggang sa ngayon, at hindi na mararanasan pa kahit kailan.

22At kung hindi pinaikli ng Diyos ang mga araw na iyon, walang taong maliligtas. Ngunit alang-alang sa mga hinirang, paiikliin ng Diyos ang mga araw na iyon.

23“Kung may magsasabi sa inyo, ‘Narito ang Cristo!’ o ‘Naroon siya!’ huwag kayong maniniwala.

24Sapagkat may lilitaw na mga huwad na Cristo at mga huwad na propeta. Magpapakita sila ng mga kamangha-manghang himala at mga kababalaghan upang iligaw, kung maaari, maging ang mga hinirang ng Diyos.

25Tandaan ninyo, ipinagpauna ko nang sabihin ito sa inyo.

26“Kaya't kung sabihin nila sa inyo, ‘Naroon siya sa ilang,’ huwag kayong pumunta roon. Kung sabihin naman nilang, ‘Naroon siya sa silid,’ huwag kayong maniniwala.

27Sapagkat darating ang Anak ng Tao na parang kidlat na gumuguhit mula sa silangan hanggang sa kanluran.

28“Kung nasaan ang bangkay, doon nagkakatipon ang mga buwitre.”

**Ang Pagparito ng Anak ng Tao**
(Mc. 13:24-27; Lu. 21:25-28)

29“Pagkatapos ng kapighatian sa mga araw na iyon, magdidilim ang araw, hindi magliliwanag ang buwan, malalaglag mula sa langit ang mga bituin, at mayayanig ang mga kapangyarihan sa kalawakan.

30Pagkatapos, lilitaw sa langit ang tanda ng Anak ng Tao at mananangis ang lahat ng mga bansa sa daigdig. Makikita nila ang Anak ng Tao na nasa alapaap at dumarating na may dakilang kapangyarihan at kadakilaan.

31Sa hudyat ng malakas na tunog ng trumpeta, susuguin niya ang kanyang mga anghel sa apat na sulok ng daigdig at titipunin nila ang mga hinirang mula sa lahat ng dako.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang Aral mula sa Puno ng Igos
(Mc. 13:28-31; Lu. 21:29-33)

32“Unawain ninyo ang aral mula sa puno ng igos; kapag ang mga sanga nito ay umuusbong at nagkakadahon na, alam ninyong malapit na ang tag-araw.

33Gayundin naman, kapag nakita ninyo ang lahat ng ito, malalaman ninyong malapit na siyang dumating, halos naririto na.

34Tandaan ninyo, magaganap ang lahat ng mga ito bago maubos ang salinlahing ito.

35Lilipas ang langit at ang lupa, ngunit ang aking mga sinasabi ay tiyak na mananatili.”

### Walang Nakakaalam ng Araw o Oras
(Mc. 13:32-37; Lu. 17:26-30, 34-36)

36“Ngunit tungkol sa araw at oras na iyon ay walang nakakaalam, kahit ang mga anghel sa langit [o maging ang Anak man]. Ang Ama lamang ang nakakaalam nito.

37Ang pagdating ng Anak ng Tao ay tulad noong panahon ni Noe.

38Nang mga araw na iyon, bago bumaha, ang mga tao'y nagsisikain, nag-iinuman, at nagsisipag-asawa hanggang sa araw na pumasok si Noe sa barko.

39Hindi nila namamalayan ang nangyayari hanggang sa dumating ang baha at tinangay silang lahat. Gayundin ang mangyayari sa pagdating ng Anak ng Tao.

40Sa panahong iyon, may dalawang lalaking nagtatrabaho sa bukid, kukunin ang isa at iiwan ang ikalawa.

41May dalawang babaing nagtatrabaho sa gilingan, kukunin ang isa at iiwan ang ikalawa.

42Kaya't maging handa kayo dahil hindi ninyo alam kung kailan darating ang inyong Panginoon.

43Unawain ninyo ito: kung alam ng may-ari ng bahay kung anong oras sa gabi darating ang magnanakaw, siya'y maghahanda at hindi niya pababayaang pasukin ang kanyang bahay.

44Kaya't lagi kayong maging handa, sapagkat darating ang Anak ng Tao sa oras na hindi ninyo inaasahan.”

### Dapat Palaging Maging Handa
(Lu. 12:41-48)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

45“Sino ang tapat at matalinong alipin? Hindi ba't ang pinamamahala ng kanyang panginoon upang magpakain sa iba pang mga alipin sa takdang oras?

46Pinagpala ang aliping iyon kapag dinatnan siyang tapat na naglilingkod sa pagbabalik ng kanyang panginoon!

47Sinasabi ko sa inyo, gagawin siyang tagapamahala ng kanyang panginoon sa lahat ng mga ari-arian nito.

48Ngunit kung masama ang aliping iyon, sasabihin niya sa kanyang sarili, ‘Matatagalan pa ang pagbabalik ng aking panginoon.’

49Kaya't sisimulan niyang bugbugin ang kanyang kapwa alipin, at makikipagkainan at makikipag-inuman sa mga lasenggo.

50Babalik ang panginoon ng aliping iyon sa araw na hindi niya inaasahan at sa oras na hindi niya alam.

51Bibigyan siya ng kanyang panginoon ng matinding parusa, at pagkatapos ay isasama sa mga mapagkunwari. Doo'y tatangis siya at magngangalit ang ngipin.”

## Mateo 25

### Talinghaga tungkol sa Sampung Dalaga

1“Ang kaharian ng langit ay maitutulad dito. May sampung dalagang lumabas upang sumalubong sa lalaking ikakasal. Bawat isa'y may dalang ilawan.

2Ang lima sa kanila'y hangal at ang lima nama'y matatalino.

3Ang mga hangal ay nagdala ng kanilang mga ilawan ngunit hindi nagbaon ng langis.

4Ang matatalino nama'y nagbaon ng langis, bukod pa sa nasa kanilang mga ilawan.

5Naantala ang pagdating ng lalaking ikakasal kaya't inantok at nakatulog sila sa paghihintay.

6“Ngunit nang hatinggabi na'y may sumigaw, ‘Narito na ang lalaking ikakasal! Lumabas na kayo upang salubungin siya!’

7Agad bumangon ang sampung dalaga at inayos ang kanilang ilawan.

8Sinabi ng mga hangal sa matatalino, ‘Bigyan naman ninyo kami kahit kaunting langis. Aandap-andap na ang aming mga ilawan.’

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9"'Baka hindi ito magkasya sa ating lahat. Mabuti pa'y pumunta muna kayo sa tindahan at bumili ng para sa inyo,' tugon naman ng matatalino.

10Kaya't lumakad ang limang dalagang iyon upang bumili ng langis. Habang wala sila, dumating ang lalaking ikakasal. Ang limang nakahanda ay kasama niyang pumasok sa kasalan, at isinara ang pinto.

11"Pagkatapos, dumating naman ang iba pang dalaga. 'Panginoon, panginoon, papasukin po ninyo kami!' pakiusap nila.

12"Ngunit tumugon siya, 'Sino ba kayo? Hindi ko kayo kilala.'"

13Pagkatapos nito'y sinabi ni Jesus, "Kaya't magbantay kayo, sapagkat hindi ninyo alam ang araw o ang oras man."

**Talinghaga tungkol sa Tatlong Alipin**

(Lu. 19:11-27)

14"Ang paghahari ng Diyos ay maitutulad sa isang taong maglalakbay. Kaya't tinawag niya ang kanyang mga tauhan at ipinagkatiwala sa kanila ang kanyang ari-arian.

15Binigyan niya ng salaping ginto ang bawat isa ayon sa kanilang kakayahan. Binigyan niya ang isa ng limanlibong salaping ginto, ang isa nama'y dalawang libong salaping ginto, at ang isa pa ay isanlibong salaping ginto. Pagkatapos nito, siya'y umalis.

16Kumilos agad ang tumanggap ng limanlibong salaping ginto at ipinangalakal iyon. Kumita siya ng limanlibong salaping ginto.

17Gayundin naman, ang tumanggap ng dalawang libong salaping ginto ay kumita pa ng dalawang libong salaping ginto.

18Ngunit ang tumanggap ng isanlibong salaping ginto ay humukay sa lupa at itinago ang salaping ginto ng kanyang panginoon.

19"Pagkaraan ng mahabang panahon, bumalik ang panginoon ng mga tauhang iyon at sila'y pinag-ulat.

20Lumapit ang tumanggap ng limanlibong salaping ginto at sinabi, 'Panginoon, ito po ang limanlibong salaping ginto na iniwan ninyo sa akin. Heto naman po ang limanlibong salaping ginto na tinubo nito.'

21"Sinabi sa kanya ng panginoon, 'Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Halika, samahan mo ako sa aking kagalakan. Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya gagawin kitang tagapamahala ng malaking halaga.'

22"Lumapit din ang tumanggap ng dalawang libong salaping ginto at ang sabi, 'Panginoon, ito po ang iniwan ninyo sa aking dalawang libong salaping ginto. Heto naman po ang dalawang libong salaping ginto na tinubo nito.'

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23“Sinabi ng kanyang panginoon, ‘Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya't pamamahalain kita sa malaking halaga. Samahan mo ako sa aking kagalakan!’

24“Lumapit naman ang tumanggap ng isanlibong salaping ginto at sinabi, ‘Alam ko pong kayo'y mahigpit at pinipitas ninyo ang bunga ng hindi ninyo itinanim at inaani ninyo ang hindi ninyo inihasik.

25Natakot po ako, kaya't ibinaon ko sa lupa ang inyong salaping ginto. Heto na po ang inyong salapi.’

26“Sumagot ang kanyang panginoon, ‘Masama at tamad na lingkod! Alam mo palang pinipitas ko ang bunga ng hindi ko itinanim at inaani ko ang hindi ko inihasik,

27bakit hindi mo na lamang inilagay sa bangko ang aking salapi! Kahit paano'y may tinubo sana ito!

28Kunin ninyo sa kanya ang isanlibong salaping ginto at ibigay sa may sampung libong salaping ginto.

29Sapagkat ang mayroon ay bibigyan pa, at magkakaroon ng sagana; ngunit ang wala, pati ang kakaunting nasa kanya ay kukunin pa.

30Itapon ninyo sa kadiliman sa labas ang walang silbing taong iyan! Doo'y mananangis siya at magngangalit ang kanyang mga ngipin.’”

**Ang Paghuhukom**

31“Sa maluwalhating pagdating ng Anak ng Tao, kasama ang lahat ng anghel, uupo siya sa kanyang trono ng kaluwalhatian.

32Tipunin sa harapan niya ang lahat ng mga bansa at sila'y kanyang pagbubukud-bukurin, tulad ng ginagawa ng pastol sa mga tupa at mga kambing.

33Ilalagay niya sa kanyang kanan ang mga tupa, at sa kaliwa naman ang mga kambing.

34Kaya't sasabihin ng hari sa mga nasa kanan niya, ‘Halikayo, mga pinagpala ng aking Ama! Pumasok kayo at tanggapin ang kahariang inihanda para sa inyo mula pa nang likhain ang daigdig.

35Sapagkat ako'y nagugutom at ako'y inyong pinakain; ako'y nauuhaw at ako'y inyong pinainom. Ako'y isang dayuhan at inyong pinatuloy.

36Ako'y hubad at ako'y inyong dinamitan, nagkasakit at inyong dinalaw, nabilanggo at inyong pinuntahan.’

37“Sasagot ang mga matuwid, ‘Panginoon, kailan po namin kayo nakitang nagutom at aming pinakain, o nauhaw at aming pinainom?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

38Kailan po kayo naging dayuhan at aming pinatuloy, o kaya'y hubad at aming dinamitan?

39At kailan po namin kayo nakitang nagkasakit o nabilanggo at kayo'y aming dinalaw?'

40"Sasabihin ng Hari, 'Tandaan ninyo, nang gawin ninyo ito sa pinakahamak sa mga kapatid kong ito, sa akin ninyo ito ginawa.'

41"Sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa, 'Lumayo kayo sa harapan ko, kayong mga isinumpa! Doon kayo sa apoy na di namamatay na inihanda para sa diyablo at sa kanyang mga kampon.

42Sapagkat hindi ninyo ako pinakain noong ako'y nagugutom; hindi ninyo ako pinainom noong ako'y nauuhaw.

43Hindi ninyo ako pinatuloy noong ako'y isang dayuhan. Hindi ninyo ako dinamitan noong ako'y hubad. Hindi ninyo ako dinalaw noong ako'y may sakit at noong ako'y nasa bilangguan.'

44"At sasagot din sila, 'Panginoon, kailan po namin kayo nakitang nagutom, nauhaw, walang matuluyan, hubad, may sakit, o nasa bilangguan, na hindi namin kayo tinulungan?'

45"At sasabihin sa kanila ng Hari, 'Tandaan ninyo, nang pagkaitan ninyo ng tulong ang isa sa pinakahamak sa mga ito, ako ang inyong pinagkaitan.'

46Itataboy ang mga ito sa kaparusahang walang hanggan, ngunit ang mga matuwid ay pupunta sa buhay na walang hanggan."

## Mateo 26

### Ang Balak Laban kay Jesus

(Mc. 14:1-2; Lu. 22:1-2; Jn. 11:45-53)

1Matapos ituro ni Jesus ang lahat ng ito, sinabi niya sa kanyang mga alagad,

2"Gaya ng alam ninyo, dalawang araw na lamang at Paskwa na. Ang Anak ng Tao ay ipagkakanulo upang ipako sa krus."

3Ang mga punong pari at ang mga pinuno ng bayan ay nagkakatipon noon sa palasyo ng pinakapunong pari na si Caifas.

4Binalak nilang ipadakip si Jesus nang lihim at ipapatay.

5Ngunit sinabi nila, "Huwag sa kapistahan, baka magkagulo ang mga tao."

### Binuhusan ng Pabango si Jesus

(Mc. 14:3-9; Jn. 12:1-8)

6Noong nasa Bethania si Jesus, sa bahay ni Simon na ketongin,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Lumapit sa kanya ang isang babaing may dalang sisidlang alabastro na puno ng napakamahal na pabango. Ibinuhos ito sa ulo ni Jesus habang siya'y nakaupo sa may hapag.

8Nagalit ang mga alagad nang makita ito. “Bakit inaksaya ang pabango?” tanong nila.

9“Naipagbili sana iyon sa malaking halaga at naibigay sa mga mahihirap ang pinagbilhan!”

10Alam ni Jesus ang iniisip nila kaya't sinabi niya, “Bakit ninyo ginugulo ang babaing ito? Mabuting bagay ang ginawa niya sa akin.

11Sapagkat palagi ninyong makakasama ang mga dukha, ngunit ako'y hindi ninyo makakasama palagi.

12Binuhusan niya ako ng pabango bilang paghahanda sa paglilibing sa akin.

13Tandaan ninyo, saan man ipangaral ang Magandang Balita sa buong mundo, babanggitin ang ginawa niyang ito bilang pag-alaala sa kanya.”

### Nakipagkasundo si Judas na Ipagkanulo si Jesus

(Mc. 14:10-11; Lu. 22:3-6)

14Si Judas Iscariote, isa sa Labindalawa, ay nakipagkita sa mga punong pari.

15“Ano po ang ibibigay ninyo sa akin kung tulungan ko kayong madakip si Jesus?” tanong niya. Noon di'y binayaran nila si Judas ng tatlumpung pirasong pilak.

16Mula noon, humanap na si Judas ng pagkakataon upang maipagkanulo si Jesus.

### Paghahanda sa Pista ng Paskwa

(Mc. 14:12-16; Lu. 22:7-13, 21-23; Jn. 13:21-30)

17Dumating ang unang araw ng Pista ng Tinapay na Walang Pampaalsa. Lumapit kay Jesus ang mga alagad at nagtanong, “Saan po ninyo nais na maghanda kami ng hapunang pampaskwa?”

18Sumagot siya, “Puntahan ninyo sa lungsod ang isang tao at sabihin ninyo sa kanya, ‘Ipinapasabi po ng Guro na sumapit na ang kanyang oras. Siya at ang mga alagad niya'y sa bahay ninyo kakain ng hapunang pampaskwa.’”

19Sinunod ng mga alagad ang utos ni Jesus, at doo'y inihanda nga nila ang hapunang pampaskwa.

20Nang gabing iyon, dumulog sa hapag si Jesus, kasama ang Labindalawa.

21Sinabi ni Jesus habang sila'y kumakain, “Tinitiyak ko sa inyo, ako'y ipagkakanulo ng isa sa inyo!”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Nanlumo ang mga alagad, at isa-isang nagtanong sa kanya, "Hindi ako iyon, di po ba, Panginoon?"

23Sumagot si Jesus, "Ang kasabay kong nagsawsaw sa mangkok ang siyang magkakanulo sa akin.

24Papanaw ang Anak ng Tao ayon sa nasusulat tungkol sa kanya subalit kahabag-habag ang taong magkakanulo sa kanya! Mabuti pa sa taong iyon ang hindi na siya ipinanganak!"

25Si Judas na magkakanulo sa kanya ay nagtanong din, "Guro, ako po ba?" Sumagot si Jesus, "Ikaw ang nagsabi niyan."

### Ang Banal na Hapunan

(Mc. 14:17-26; Lu. 22:14-20; Jn. 13:21-30; 1 Cor. 11:23-25)

26Habang sila'y kumakain, dumampot si Jesus ng tinapay, at matapos magpasalamat sa Diyos ay pinaghati-hati niya iyon, ibinigay sa mga alagad at sinabi, "Kunin ninyo ito at kainin. Ito ang aking katawan."

27Pagkatapos, dumampot siya ng kopa, nagpasalamat sa Diyos at ibinigay iyon sa kanila. Sinabi niya, "Kayong lahat ay uminom nito

28sapagkat ito ang aking dugo na katibayan ng tipan ng Diyos. Ito ang aking dugong ibinubuhos para sa kapatawaran ng kasalanan ng marami.

29Sinasabi ko sa inyo, hindi na ako iinom nitong katas ng ubas hanggang sa araw na inumin kong panibago na kasalo ninyo sa kaharian ng aking Ama."

30At pagkaawit ng isang himno, sila'y nagpunta sa Bundok ng mga Olibo.

### Paunang Sinabi ang Pagkakaila ni Pedro

(Mc. 14:27-31; Lu. 22:31-34; Jn. 13:36-38)

31Sinabi ni Jesus sa kanila, "Sa gabing ito, ako'y iiwan ninyong lahat, gaya ng sinasabi sa Kasulatan, 'Papatayin ko ang pastol at magkakawatak-watak ang mga tupa.'

32Ngunit pagkatapos na ako'y muling mabuhay, mauuna ako sa inyo sa Galilea."

33Sumagot si Pedro, "Kahit na po kayo iwan ng lahat, hindi ko kayo iiwan."

34Sumagot si Jesus, "Tandaan mo, sa gabi ring ito, bago tumilaok ang manok, tatlong beses mo akong ikakaila."

35Ngunit sinabi ni Pedro, "Kahit na ako'y patayin kasama ninyo, hindi ko kayo ikakaila." Ganoon din ang sinabi ng lahat ng alagad.

### Nanalangin si Jesus sa Getsemani

(Mc. 14:32-42; Lu. 22:39-46)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

36Isinama ni Jesus ang kanyang mga alagad sa isang lugar na tinatawag na Getsemani. Sinabi niya sa kanila, “Dito muna kayo't mananalangin ako sa dako roon.”

37Ngunit isinama niya sina Pedro at ang dalawang anak ni Zebedeo. Nagsimulang mabagabag at maghirap ang kanyang kalooban,

38kaya't sinabi niya sa kanila, “Ako'y halos mamatay sa tindi ng kalungkutan. Maghintay kayo rito at samahan ninyo ako sa pagpupuyat!”

39Lumayo siya nang kaunti, nagpatirapa siya at nanalangin, “Ama ko, kung maaari po, ilayo ninyo sa akin ang kopang ito ng paghihirap. Ngunit hindi po ang kalooban ko, kundi ang kalooban ninyo ang mangyari.”

40Nagbalik siya at dinatnan niyang natutulog ang tatlong alagad. Sinabi niya kay Pedro, “Talaga bang hindi kayo makapagpuyat na kasama ko kahit isang oras man lamang?

41Magbantay kayo at manalangin upang huwag kayong madaig ng tukso. Ang espiritu'y nakahanda ngunit ang laman ay mahina.”

42Muli siyang lumayo at nanalangin, “Ama ko, kung hindi po maaaring maialis ang kopang ito malibang inumin ko, mangyari nawa ang inyong kalooban.”

43Muli siyang nagbalik at nakita na naman niyang natutulog sila, sapagkat sila'y antok na antok.

44Iniwan niyang muli ang tatlong alagad at siya'y nanalangin, at iyon din ang kanyang sinabi.

45Nagbalik na naman siya sa mga alagad at sinabi sa kanila, “Natutulog pa ba kayo at nagpapahinga? Dumating na ang oras na ang Anak ng Tao ay ipagkakanulo sa mga makasalanan.

46Bangon! Halina kayo, narito na ang nagkakanulo sa akin.”

**Ang Pagdakip kay Jesus**

(Mc. 14:43-50; Lu. 22:47-53; Jn. 18:3-12)

47Nagsasalita pa si Jesus nang dumating si Judas, na kabilang sa Labindalawa. May kasama siyang maraming tao na may dalang mga tabak at pamalo; isinugo sila ng mga punong pari at mga pinuno ng bayan.

48Bago pa sila dumating doon, sinabi na ng taksil sa kanyang mga kasama, “Kung sinong hahalikan ko, siya ang dakpin ninyo.”

49Nilapitan niya agad si Jesus at binati, “Magandang gabi po, Guro,” saka hinalikan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

50Sinabi sa kanya ni Jesus, “Kaibigan, gawin mo na ang sadya mo.” At siya'y nilapitan nila at dinakip.

51Bumunot ng tabak ang isa sa mga kasama ni Jesus at tinaga ang utusan ng pinakapunong pari, at natagpas ang tainga niyon.

52Sinabi sa kanya ni Jesus, “Ibalik mo ang iyong tabak sa lalagyan! Ang nabubuhay sa tabak ay sa tabak mamamatay.

53Hindi mo ba alam na kung hihingi ako ng tulong sa aking Ama ay papadalhan agad niya ako ng higit sa labindalawang batalyon ng mga anghel?

54Ngunit paano matutupad ang mga Kasulatan na nagsasabing ito'y dapat mangyari?”

55Pagkatapos sinabi niya sa mga tao, “Ako ba'y tulisan at naparito kayong may mga tabak at pamalo upang ako'y dakpin? Araw-araw, nakaupo akong nagtuturo sa Templo, ngunit hindi ninyo ako dinakip.

56Ngunit nangyari ang lahat ng ito upang matupad ang sinulat ng mga propeta.” Tumakas ang mga alagad at iniwan siyang mag-isa.

### Si Jesus sa Harap ng Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio

(Mc. 14:53-65; Lu. 22:54-55, 63-71; Jn. 18:13-14, 19-24)

57Dinala si Jesus ng mga dumakip sa kanya sa bahay ni Caifas, ang pinakapunong pari; doon nagkakatipon ang mga tagapagturo ng Kautusan at ang mga pinuno ng bayan.

58Sumunod si Pedro, ngunit hindi gaanong lumalapit. Pagdating sa tahanan ng pinakapunong pari, pumasok siya sa bakuran at naupo sa patyo kasama ng mga bantay. Nais niyang makita kung ano ang mangyayari.

59Samantala, ang mga punong pari at ang buong Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio ay naghahanap ng maling paratang laban kay Jesus upang siya'y maipapatay,

60ngunit wala silang nakita kahit na maraming humarap na sinungaling na saksi laban sa kanya. Sa wakas, may dalawang humarap

61at nagsabi, “Sinabi ng taong ito na kaya daw niyang gibain ang Templo ng Diyos at muli itong itayo sa loob ng tatlong araw.”

62Tumayo ang pinakapunong pari at sinabi kay Jesus, “Wala ka bang isasagot sa paratang na ito laban sa iyo?”

63Ngunit hindi umimik si Jesus. Kaya't sinabi sa kanya ng pinakapunong pari, “Iniuutos ko sa iyo sa ngalan ng Diyos na buháy, sabihin mo sa amin kung ikaw nga ang Cristo, ang Anak ng Diyos.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

64Sumagot si Jesus, "Kayo na ang nagsabi. At sinasabi ko sa inyo, di na magtatagal at makikita ninyo ang Anak ng Tao na nakaupo sa kanan ng makapangyarihang Diyos at dumarating na nasa alapaap!"

65Pagkarinig nito, pinunit ng pinakapunong pari ang kanyang damit at sinabi, "Nilapastangan niya ang Diyos! Hindi na natin kailangan ng mga saksi. Narinig ninyo ngayon ang kanyang paglapastangan!

66Ano ang pasya ninyo?" Sumagot sila, "Dapat siyang mamatay!"

67Dinuraan nila si Jesus sa mukha at pinagsusuntok. Pinagsasampal naman siya ng iba,

68at kinutya, "Hoy, Cristo, hulaan mo nga kung sino ang sumampal sa iyo!"

### Ikinaila ni Pedro si Jesus

(Mc. 14:66-72; Lu. 22:56-62; Jn. 18:15-18, 25-27)

69Samantala, si Pedro ay nakaupo noon sa patyo. Nilapitan siya ng isang utusang babae at sinabi sa kanya, "Kasamahan ka rin ni Jesus na taga-Galilea, hindi ba?"

70Ngunit nagkaila si Pedro sa harap ng lahat. "Wala akong nalalaman sa sinasabi mo," sagot niya.

71Pumunta siya sa may pintuan at nakita siya ng isa pang utusang babae. Sinabi nito sa mga naroon, "Ang taong ito'y kasamahan ni Jesus na taga-Nazaret."

72Muling nagkaila si Pedro, "Isinusumpa ko, hindi ko kakilala ang taong iyon!"

73Makalipas ang ilang sandali, lumapit kay Pedro ang mga naroon. Sabi nila, "Isa ka nga sa mga tauhan niya. Nahahalata ka sa punto ng iyong pagsasalita."

74Sumagot si Pedro, "Parusahan nawa ako ng Diyos kung nagsisinungaling ako! Hindi ko kilala ang taong iyan." Pagkasabing-pagkasabi nito, tumilaok ang manok.

75Naalala ni Pedro ang sinabi ni Jesus, "Bago tumilaok ang manok, tatlong beses mo akong ikakaila." Lumabas siya at tumangis nang buong kapaitan.

## Mateo 27

### Dinala si Jesus kay Pilato

(Mc. 15:1; Lu. 23:1-2; Jn. 18:28-32)

1Kinaumagahan, nagpulong ang mga punong pari at mga pinuno ng bayan kung paano nilang maipapapatay si Jesus.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Siya'y kanilang iginapos at dinala kay Pilato na gobernador.

### Ang Pagkamatay ni Judas
(Gw. 1:18-19)

3Nang malaman ng taksil na si Judas na si Jesus ay nahatulang mamatay, nagsisi siya at isinauli sa mga punong pari at mga pinuno ng bayan ang tatlumpung pirasong pilak.

4Sinabi niya, “Nagkasala ako! Ipinagkanulo ko ang dugo ng taong walang kasalanan.” “Ano ang pakialam namin sa iyo? Bahala ka sa buhay mo!” sagot nila.

5Inihagis ni Judas sa loob ng Templo ang tatlumpung pirasong pilak, at pagkaalis doon, siya'y nagbigti.

6Pinulot ng mga punong pari ang mga pirasong pilak. Sinabi nila, “Labag sa Kautusan na ilagay ang salaping ito sa kabang-yaman ng Templo sapagkat bayad ito sa buhay ng isang tao.”

7Nagkaisa sila na ang salaping iyon ay ibili ng bukid ng isang magpapalayok, upang gawing libingan ng mga dayuhan.

8Mula noon hanggang ngayon, ang bukid na iyon ay tinatawag na “Bukid ng Dugo.”

9Sa gayon, natupad ang sinabi ni propeta Jeremias: “Kinuha nila ang tatlumpung pirasong pilak, ang halagang katumbas niya ayon sa mga Israelita,

10at ginamit ito upang bilhin ang bukid ng isang magpapalayok, ayon sa iniutos sa akin ng Panginoon.”

### Si Jesus sa Harap ni Pilato
(Mc. 15:2-5; Lu. 23:3-5; Jn. 18:33-38)

11Iniharap si Jesus sa gobernador at siya'y tinanong nito, “Ikaw nga ba ang Hari ng mga Judio?” Sumagot si Jesus, “Ikaw na ang may sabi.”

12Ngunit nang paratangan siya ng mga punong pari at ng mga pinuno ng bayan, hindi siya umimik.

13Kaya't sinabi sa kanya ni Pilato, “Hindi mo ba naririnig ang marami nilang paratang laban sa iyo?”

14Ngunit hindi pa rin siya umimik kaya't labis na nagtaka ang gobernador.

### Hinatulang Mamatay si Jesus
(Mc. 15:6-15; Lu. 23:13-25; Jn. 18:39–19:16)

15Nakaugalian na ng gobernador na tuwing Paskwa ay magpalaya ng isang bilanggo na hinihiling ng taong-bayan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Noon ay may isang kilalang bilanggo na kilala sa kasamaan na ang pangalan ay [Jesus] Barabbas.

17Nang magkatipon ang mga tao ay tinanong sila ni Pilato, “Sino ang ibig ninyong palayain ko, si Jesus Barabbas, o si Jesus na tinatawag na ‘Cristo’?”

18Alam ni Pilato na naiinggit lamang sila kaya nila isinakdal si Jesus.

19Bukod dito, nang si Pilato ay nakaupo sa hukuman, nagpasabi ang kanyang asawa, “Huwag kang makialam sa usapin ng taong iyan. Wala siyang kasalanan. Labis akong nahirapan dahil sa aking panaginip kagabi tungkol sa kanya.”

20Ang mga tao nama'y hinikayat ng mga punong pari at ng mga pinuno ng bayan na hilingin kay Pilato na si Barabbas ang palayain at si Jesus ay ipapatay.

21Muli silang tinanong ng gobernador, “Sino sa dalawa ang nais ninyong palayain ko?” “Si Barabbas!” sigaw ng mga tao.

22Sinabi sa kanila ni Pilato, “Kung gayon, ano ang gagawin ko kay Jesus, na tinatawag na Cristo?” At sumagot ang lahat, “Ipako siya sa krus!”

23“Bakit? Ano ang nagawa niyang masama?” tanong ni Pilato. Ngunit lalo pang lumakas ang kanilang sigawan, “Ipako siya sa krus!”

24Nang makita ni Pilato na wala siyang magagawa, at malamang pa'y magkagulo, nagpakuha siya ng tubig at naghugas ng kamay sa harap ng mga tao. “Wala akong pananagutan sa dugo ng taong ito. Ito'y pananagutan ninyo!” sabi niya.

25Sumagot naman ang mga tao, “Pananagutan namin at ng aming mga anak ang dugo niya.”

26Pinalaya nga ni Pilato si Barabbas at ipinahagupit naman si Jesus. Pagkatapos, ibinigay siya sa kanila upang ipako sa krus.

### Hinamak ng mga Kawal si Jesus
(Mc. 15:16-20; Jn. 19:2-3)

27Si Jesus ay dinala ng mga kawal ng gobernador sa palasyo nito, at nagkatipon ang buong batalyon sa paligid niya.

28Siya'y hinubaran nila at sinuotan ng isang balabal na matingkad na pula.

29Kumuha sila ng matitinik na baging, ginawa itong korona at ipinutong sa kanya. Pagkatapos, pinahawak sa kanyang kanang kamay ang isang tangkay ng tambo. Siya'y niluhud-luhuran nila at kinutya ng ganito, “Mabuhay ang Hari ng mga Judio!”

30Siya'y pinagduduraan pa nila. Kinuha nila ang tambo at ito'y inihampas sa kanyang ulo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

31Matapos kutyain, hinubad nila ang balabal at muling sinuotan ng sarili niyang damit. Pagkatapos, inilabas siya upang ipako sa krus.

**Ipinako sa Krus si Jesus**

(Mc. 15:21-32; Lu. 23:26-43; Jn. 19:17-27)

32Paglabas ng lungsod, nakita ng mga sundalo si Simon na taga-Cirene. Pilit nilang ipinapasan sa kanya ang krus ni Jesus.

33Dumating sila sa lugar na tinatawag na Golgotha, na ang kahulugan ay "Pook ng Bungo."

34Binigyan nila si Jesus ng alak na hinaluan ng apdo, ngunit nang matikman niya iyon ay hindi niya ininom.

35Nang maipako na siya sa krus, pinaghati-hatian ng mga kawal ang kanyang mga damit sa pamamagitan ng palabunutan,

36naupo sila at siya'y binantayan.

37Inilagay nila sa kanyang ulunan ang paratang laban sa kanya na may nakasulat na ganito, "Ito'y si Jesus na Hari ng mga Judio."

38At may dalawang magnanakaw na ipinako rin sa krus, isa sa gawing kanan at isa sa kaliwa.

39Kinukutya siya ng mga nagdaraan. Pailing-iling nilang

40sinasabi, "Di ba't ikaw ang gigiba ng Templo at muling magtatayo nito sa loob ng tatlong araw? Iligtas mo ngayon ang iyong sarili! Kung ikaw nga ang Anak ng Diyos, bumabâ ka sa krus!"

41Kinutya rin siya ng mga punong pari, mga tagapagturo ng Kautusan at mga pinuno ng bayan. Sinabi nila,

42"Iniligtas niya ang iba ngunit hindi niya mailigtas ang sarili! Di ba siya ang Hari ng Israel? Bumabâ lang siya ngayon sa krus ay maniniwala na kami sa kanya!

43Nananalig siya sa Diyos, at sinasabi niyang siya ang Anak ng Diyos. Tingnan natin kung ililigtas siya ng Diyos!"

44Nilait din siya ng mga magnanakaw na ipinakong kasama niya.

**Ang Pagkamatay ni Jesus**

(Mc. 15:33-41; Lu. 23:44-49; Jn. 19:28-30)

45Mula sa tanghaling tapat hanggang sa ikatlo ng hapon ay nagdilim sa buong lupain.

46Nang mag-aalas tres na ng hapon, sumigaw si Jesus, "*Eli, Eli, lema sabachthani?*" na ang ibig sabihi'y "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

47Ito'y narinig ng ilan sa mga nakatayo roon kaya't sinabi nila, “Tinatawag niya si Elias!”

48May isang tumakbo kaagad at kumuha ng espongha, binasâ ito ng maasim na alak, inilagay sa dulo ng isang patpat at ipinasipsip kay Jesus.

49Sinabi naman ng iba, “Hintay muna, tingnan natin kung darating si Elias upang iligtas siya!”

50Muling sumigaw si Jesus nang malakas at siya'y nalagutan ng hininga.

51Biglang nahati ang tabing ng Templo, mula sa itaas hanggang sa ibaba. Nayanig ang lupa at nabiyak ang mga bato.

52Nabuksan ang mga libingan at muling nabuhay ang maraming banal na namatay.

53Lumabas sila ng libingan, at pagkatapos na muling mabuhay si Jesus, sila'y pumasok sa banal na lungsod at doo'y marami ang nakakita sa kanila.

54Nasindak ang opisyal at ang mga kawal na nagbabantay kay Jesus nang maramdaman nila ang lindol at masaksihan ang lahat ng nangyari. Sabi nila, “Tunay na siya'y Anak ng Diyos!”

55Naroon din ang maraming mga babaing nakatanaw mula sa malayo. Sila'y sumunod kay Jesus mula pa sa Galilea, at naglingkod sa kanya.

56Kabilang sa kanila si Maria Magdalena, si Maria na ina ni Santiago at ni Jose, at ang asawa ni Zebedeo.

### Ang Paglilibing kay Jesus

(Mc. 15:42-47; Lu. 23:50-56; Jn. 19:38-42)

57Pagsapit ng dilim, dumating si Jose, isang mayamang taga-Arimatea na tagasunod din ni Jesus.

58Hiningi niya kay Pilato ang bangkay ni Jesus, kaya't iniutos ni Pilato na ibigay ito kay Jose.

59Nang makuha na ang bangkay, binalutan niya ito ng malinis na tela ng lino.

60Inilagay niya ito sa kanyang bagong libingan na ipinauka niya sa bato. Pagkatapos, iginulong niya sa pintuan ang isang malaking batong panakip, at saka umalis.

61Naroon sina Maria Magdalena at ang isa pang Maria na nakaupo sa tapat ng libingan.

### Ang mga Bantay sa Libingan

62Kinabukasan, pagkatapos ng Araw ng Paghahanda, sama-samang nagpunta kay Pilato ang mga punong pari at ang mga Pariseo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[63]Sinabi nila, "Naalala po namin na sinabi ng mapagpanggap na iyon noong siya'y nabubuhay pa, na siya'y muling mabubuhay pagkaraan ng tatlong araw.

[64]Kaya pabantayan po sana ninyong mabuti ang libingan hanggang sa ikatlong araw. Baka pumunta doon ang kanyang mga alagad at kunin ang bangkay at pagkatapos ay ipamalitang siya'y muling nabuhay. Ang pandarayang ito ay magiging masahol pa kaysa una."

[65]Sinabi sa kanila ni Pilato, "Kumuha kayo ng mga kawal at pabantayan ninyong mabuti ang libingan."

[66]Kaya pumunta nga sila roon at tiniyak na hindi mabubuksan ang libingan, nilagyan ng tatak ang batong panakip sa libingan, at pinabantayan ito sa kawal.

## Mateo 28

### Muling Nabuhay si Jesus

(Mc. 16:1-10; Lu. 24:1-12; Jn. 20:1-10)

[1]Makaraan ang Araw ng Pamamahinga, sa pagbubukang-liwayway nang unang araw ng linggo, pumunta si Maria Magdalena at ang isa pang Maria sa libingan ni Jesus upang tingnan ito.

[2]Biglang lumindol nang malakas sapagkat bumabâ mula sa langit ang isang anghel ng Panginoon. Iginulong nito ang batong nakatakip sa libingan at umupo sa ibabaw niyon.

[3]Ang kanyang mukha ay nakakasilaw na parang kidlat at puting-puti ang kanyang damit.

[4]Nanginig sa takot ang mga bantay nang makita ang anghel, at sila'y nabuwal na parang mga patay.

[5]Ngunit sinabi ng anghel sa mga babae, "Huwag kayong matakot; alam kong hinahanap ninyo si Jesus na ipinako sa krus.

[6]Wala na siya rito sapagkat siya'y muling nabuhay gaya ng kanyang sinabi. Halikayo't tingnan ninyo ang hinimlayan niya.

[7]Magmadali kayo at ibalita sa kanyang mga alagad na siya'y muling nabuhay! Mauuna na siya sa inyo sa Galilea. Makikita ninyo siya roon. Iyan ang balitang hatid ko sa inyo."

[8]At dali-dali nga silang umalis sa libingan na may magkahalong takot at galak, at patakbong pumunta sa mga alagad upang ibalita ang nangyari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Ngunit sinalubong sila ni Jesus at binati. Lumapit sila sa kanya, hinawakan ang kanyang mga paa at sinamba siya.

10Sinabi sa kanila ni Jesus, “Huwag kayong matakot. Humayo kayo't sabihin sa mga kapatid ko na pumunta sila sa Galilea, at makikita nila ako roon.”

### Ang Ulat ng mga Bantay

11Pagkaalis ng mga babae, pumunta sa lungsod ang ilan sa mga kawal na nagbabantay sa libingan at isinalaysay sa mga punong pari ang buong pangyayari.

12Nakipagpulong naman ang mga punong pari sa mga pinuno ng bayan at nagkasundo silang suhulan nang malaki ang mga kawal.

13At ang mga ito ay inutusan nilang ganito ang ipamalita, “Habang natutulog kami kagabi, dumating ang mga alagad ni Jesus at ninakaw ang kanyang bangkay.”

14Sinabi pa nila, “Huwag kayong mag-alala kung makarating man ito sa gobernador. Kami ang bahala sa inyo.”

15Tinanggap ng mga bantay ang suhol, at ganoon nga ang kanilang ginawa. Kaya magpahanggang ngayon ito pa rin ang ipinamamalita sa mga Judio.

### Isinugo ni Jesus ang Kanyang mga Alagad

(Mc. 16:14-18; Lu. 24:36-49; Jn. 20:19-23; Gw. 1:6-8)

16Pumunta ang labing-isang alagad sa Galilea, sa bundok na sinabi sa kanila ni Jesus.

17Nang makita nila si Jesus, siya'y sinamba nila, subalit may ilan sa kanilang nag-alinlangan.

18Lumapit si Jesus at sinabi sa kanila, “Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa.

19Kaya't humayo kayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng mga bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.

20Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. Tandaan ninyo, ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Marcos

## Marcos 1

### Ang Pangangaral ni Juan na Tagapagbautismo

(Mt. 3:1-12; Lu. 3:1-18; Jn. 1:19-28)

1 Ito ang simula ng Magandang Balita tungkol kay Jesu-Cristo, [ang Anak ng Diyos].

2 Tulad ng nakasulat sa aklat ni propeta Isaias, “Narito ang sugo ko na aking ipadadalang mauuna sa iyo; ihahanda niya ang iyong daraanan.

3 Ito ang pahayag ng isang taong sumisigaw sa ilang: ‘Ihanda ninyo ang daraanan ng Panginoon, gumawa kayo ng mga tuwid na landas na kanyang lalakaran!’”

4 At dumating nga sa ilang si Juan na Tagapagbautismo na nangangaral, “Pagsisihan ninyo't talikuran ang inyong mga kasalanan at pabautismo kayo, upang kayo'y patawarin ng Diyos.”

5 Halos lahat ng taga-Judea at taga-Jerusalem ay pumunta kay Juan. Ipinahayag nila ang kanilang mga kasalanan at sila'y binautismuhan niya sa Ilog Jordan.

6 Ang damit ni Juan ay yari sa balahibo ng kamelyo, at balat naman ng hayop ang kanyang sinturon. Ang kanya namang pagkain ay balang at pulot-pukyutan.

7 Ito ang ipinapahayag niya sa mga tao, “Ang darating na kasunod ko ay higit na makapangyarihan kaysa sa akin. Ni hindi ako karapat-dapat yumukod at magkalas man lamang ng tali ng kanyang sandalyas.

8 Binautismuhan ko kayo sa tubig, ngunit babautismuhan niya kayo sa Espiritu Santo.”

### Ang Pagbautismo kay Jesus

(Mt. 3:13-17; Lu. 3:21-22)

9 Nang panahong iyon, dumating si Jesus mula sa Nazaret sa Galilea, at siya'y binautismuhan ni Juan sa Ilog Jordan.

10 Pagkaahung-pagkaahon ni Jesus sa tubig, nakita niyang bumukas ang kalangitan at bumababa sa kanya ang Espiritu na tulad ng isang kalapati.

11 Narinig niya ang isang tinig na mula sa langit at nagsasabing, “Ikaw ang minamahal kong Anak; lubos kitang kinalulugdan.”

### Ang Pagtukso kay Jesus

(Mt. 4:1-11; Lu. 4:1-13)

12 Pagkatapos, dinala agad ng Espiritu si Jesus sa ilang.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Nanatili siya roon nang apatnapung araw, at doo'y tinukso siya ni Satanas. Doon ay may mababangis na hayop ngunit si Jesus ay pinaglingkuran ng mga anghel.

### Ang Simula ng Pangangaral sa Galilea

(Mt. 4:12-17; Lu. 4:14-15)

14Nang ibinilanggo si Juan, nagpunta si Jesus sa Galilea at ipinangaral doon ang Magandang Balitang mula sa Diyos.

15Sinabi niya, "Dumating na ang takdang panahon. Malapit nang maghari ang Diyos! Kaya magsisi na kayo't talikuran ang inyong mga kasalanan. Paniwalaan ninyo ang Magandang Balita!"

### Ang Pagtawag sa Apat na Mangingisda

(Mt. 4:18-22; Lu. 5:1-11)

16Habang naglalakad si Jesus sa tabi ng Lawa ng Galilea, nakita niya ang magkapatid na Simon at Andres na nanghuhuli ng isda sa pamamagitan ng lambat. Sila'y kapwa mga mangingisda.

17Sinabi ni Jesus sa kanila, "Sumunod kayo sa akin at kayo'y gagawin kong mangingisda ng mga tao."

18Pagkasabi niya nito'y agad iniwan ng magkapatid ang kanilang mga lambat at sumunod sa kanya.

19Nagpatuloy siya sa paglalakad, at sa di-kalayuan ay nakita naman niya ang magkapatid na Santiago at Juan, na mga anak ni Zebedeo. Sila'y nasa kanilang bangka at nag-aayos ng mga lambat.

20Tinawag din sila agad ni Jesus at sila ay sumunod din sa kanya. Iniwan nila sa bangka ang kanilang ama na kasama ang kanilang mga upahang manggagawa.

### Pinagaling ang Sinasapian ng Masamang Espiritu

(Lu. 4:31-37)

21Nagpunta sina Jesus sa Capernaum, at nang sumunod na Araw ng Pamamahinga ay pumasok si Jesus sa sinagoga at nagturo.

22Namangha ang mga tao sapagkat nagtuturo siya nang may kapangyarihan, hindi tulad ng mga tagapagturo ng Kautusan.

23Bigla namang pumasok sa sinagoga ang isang lalaking sinasapian ng masamang espiritu. Ito'y sumigaw,

24"Ano ang pakay mo sa amin, Jesus na taga-Nazaret? Naparito ka ba upang kami'y puksain? Kilala kita! Ikaw ang Banal na mula sa Diyos."

25Ngunit iniutos ni Jesus sa masamang espiritu, "Tumahimik ka! Lumabas ka sa kanya!"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Pinangisay ng masamang espiritu ang lalaki at sumisigaw itong lumabas sa kanya.

27Ang lahat ay namangha kaya't sila'y nagtanungan sa isa't isa, "Paanong nangyari iyon? Ito ay isang kakaibang katuruan! Makapangyarihan niyang nauutusan ang masasamang espiritu, at sumusunod naman ang mga ito sa kanya."

28Dahil dito, mabilis na kumalat sa buong Galilea ang balita tungkol kay Jesus.

### Ang Pagpapagaling sa Maraming Tao

(Mt. 8:14-17; Lu. 4:38-41)

29Mula sa sinagoga ay nagtungo agad si Jesus at ang kanyang mga alagad, kasama sina Santiago at Juan, sa bahay nina Simon at Andres.

30Noon ay nakahiga dahil nilalagnat ang biyenan ni Simon at ito'y agad nilang sinabi kay Jesus.

31Kaya't nilapitan ni Jesus ang babae, hinawakan ito sa kamay at ibinangon. Noon di'y gumaling ito at naghanda ng pagkain para sa kanila.

32Pagsapit ng gabi, pagkalubog ng araw, dinala kay Jesus ang lahat ng maysakit at ang mga sinasapian ng demonyo.

33Halos lahat ng mga tagaroon ay nagkatipon sa harap ng bahay.

34Pinagaling ni Jesus ang maraming maysakit, anuman ang kanilang karamdaman. Pinalayas din niya ang mga demonyo, at hindi niya hinayaang magsalita ang mga ito sapagkat alam nila kung sino siya.

### Ang Pangangaral ni Jesus sa Galilea

(Lu. 4:42-44)

35Madaling-araw pa'y bumangon na si Jesus at nagpunta sa isang lugar na walang tao at doon ay nanalangin siya.

36Hinanap siya ni Simon at ng mga kasama nito, at

37nang matagpuan siya ay sinabi nila, "Hinahanap po kayo ng mga tao."

38Ngunit sinabi niya sa kanila, "Kailangang pumunta rin tayo sa mga karatig-bayan upang makapangaral ako roon. Ito ang dahilan ng pagparito ko."

39Nilibot nga ni Jesus ang buong Galilea. Nangaral siya sa kanilang mga sinagoga at nagpalayas ng mga demonyo.

### Pinagaling ni Jesus ang Isang Ketongin

(Mt. 8:1-4; Lu. 5:12-16)

40Isang taong may ketong ang lumapit kay Jesus. [Lumuhod ito] at nagmakaawa, "Kung nais po ninyo, ako'y inyong mapapagaling at magagawang malinis."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

41Nahabag si Jesus sa ketongin kaya't hinawakan niya ito at sinabi, “Oo, nais ko! Gumaling ka!”

42Noon di'y nawala ang ketong ng lalaki at siya'y naging malinis.

43Matapos mapagbilinan, agad siyang pinaalis ni Jesus

44at pinagsabihan ng ganito: “Huwag mong sasabihin ito kaninuman. Sa halip ay magpunta ka at magpasuri sa pari. Pagkatapos, mag-alay ka ng handog para sa Diyos ayon sa iniutos ni Moises bilang patunay sa mga tao na ikaw ay magaling at malinis na.”

45Ngunit pagkaalis ng lalaki ay kanyang ipinamalita ang nangyari sa kanya. Dahil dito, hindi na nakapasok pa ng bayan si Jesus. Nanatili na lamang siya sa mga hindi mataong lugar, subalit pinupuntahan pa rin siya ng mga tao mula sa iba't ibang dako.

## Marcos 2

### Pinagaling ni Jesus ang Isang Paralitiko

(Mt. 9:1-8; Lu. 5:17-26)

1Pagkalipas ng ilang araw, bumalik si Jesus sa Capernaum at kumalat ang balitang siya'y nasa bahay.

2Nagkatipon doon ang napakaraming tao, kaya't halos wala nang mapwestuhan kahit sa labas ng pintuan. Habang nangangaral si Jesus,

3may dumating na apat na taong may dalang isang paralitiko.

4Hindi nila mailapit ang paralitiko kay Jesus dahil sa dami ng tao, kaya't binakbak nila ang bubong sa tapat niya at ibinabâ ang paralitikong nakaratay sa higaan.

5Nang makita ni Jesus kung gaano kalaki ang kanilang pananampalataya, sinabi niya sa paralitiko, “Anak, pinatawad na ang mga kasalanan mo.”

6May nakaupo roong ilang tagapagturo ng Kautusan na nag-isip nang ganito:

7“Bakit siya nagsasalita nang ganoon? Nilalapastangan niya ang Diyos! Hindi ba't ang Diyos lamang ang makakapagpatawad ng kasalanan?”

8Alam ni Jesus ang kanilang iniisip kaya't sinabi niya agad, “Bakit kayo nag-iisip nang ganyan?

9Alin ba ang mas madali, ang sabihin sa paralitiko, ‘Pinapatawad na ang mga kasalanan mo,’ o ang sabihing, ‘Tumayo ka, bitbitin mo ang iyong higaan at lumakad ka’?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Ngunit upang malaman ninyo na ang Anak ng Tao ay may kapangyarihan dito sa lupa na magpatawad ng mga kasalanan…" sinabi niya sa paralitiko,

11"Tumayo ka, buhatin mo ang iyong higaan, at umuwi ka na!"

12Tumayo nga ang paralitiko habang nakatingin ang lahat. Kaagad niyang binuhat ang kanyang higaan at umalis, kaya ang lahat ng naroroon ay namangha. Sila ay nagpuri sa Diyos at sinabi nila, "Kailanma'y hindi pa kami nakakita ng ganito!"

### Ang Pagtawag kay Levi
(Mt. 9:9-13; Lu. 5:27-32)

13Muling pumunta si Jesus sa baybayin ng Lawa ng Galilea. Sinundan siya roon ng napakaraming tao at sila'y kanyang tinuruan.

14Habang naglalakad si Jesus ay nakita niyang nakaupo sa tanggapan ng buwis si Levi na anak ni Alfeo. Sinabi sa kanya ni Jesus, "Sumunod ka sa akin." Tumayo naman si Levi at sumunod nga sa kanya.

15Nang si Jesus at ang kanyang mga alagad ay kumakain sa bahay ni Levi, kasalo nilang kumakain ang mga maniningil ng buwis at mga makasalanang sumunod sa kanya.

16Nang makita ito ng ilang tagapagturo ng Kautusan na kabilang sa pangkat ng mga Pariseo, tinanong nila ang kanyang mga alagad, "Bakit siya kumakaing kasama ang mga maniningil ng buwis at mga makasalanan?"

17Narinig ito ni Jesus kaya't siya ang sumagot, "Hindi nangangailangan ng manggagamot ang walang sakit kundi ang maysakit. Naparito ako upang tawagin ang mga makasalanan, hindi ang mga matuwid."

### Katanungan tungkol sa Pag-aayuno
(Mt. 9:14-17; Lu. 5:33-39)

18Minsan, nag-aayuno ang mga alagad ni Juan na Tagapagbautismo at ang mga Pariseo. May lumapit kay Jesus at nagtanong, "Bakit po hindi nag-aayuno ang inyong mga alagad, samantalang ang mga alagad ni Juan na Tagapagbautismo at ang mga Pariseo ay nag-aayuno?"

19Sumagot si Jesus, "Dapat bang mag-ayuno ang mga panauhin sa kasalan habang kasama pa nila ang lalaking ikinasal? Hindi! Hangga't kasama nila ito, hindi nila gagawin iyon.

20Ngunit darating ang araw na kukunin mula sa kanila ang lalaking ikinasal, at saka sila mag-aayuno.

21"Walang nagtatagpi ng bagong tela sa isang lumang damit sapagkat kapag umurong ang bagong tela, mababatak ang tinagpian at lalong lalaki ang punit.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Wala ring naglalagay ng bagong alak sa lumang sisidlang-balat sapagkat
papuputukin lamang ng alak ang sisidlang-balat, at kapwa masasayang ang
alak at ang sisidlan. [Sa halip, ang bagong alak ay inilalagay sa bagong
sisidlang-balat!]"

### Katanungan tungkol sa Araw ng Pamamahinga
(Mt. 12:1-8; Lu. 6:1-5)

23Isang Araw ng Pamamahinga, naparaan si Jesus at ang kanyang mga
alagad sa triguhan. Habang sila'y naglalakad, ang mga alagad ay pumipitas
ng trigo.

24Sinabi ng mga Pariseo kay Jesus, "Tingnan mo ang ginagawa ng iyong
mga alagad. Mahigpit iyang ipinagbabawal ng Kautusan sa Araw ng
Pamamahinga!"

25-26Sinagot naman sila ni Jesus, "Hindi pa ba ninyo nababasa ang ginawa
ni David noong panahong si Abiatar ang pinakapunong pari? Nang si David
at ang kanyang mga kasama'y magutom at walang makain, pumasok siya
sa bahay ng Diyos at kumain ng tinapay na handog sa Diyos. Binigyan pa
niya ang kanyang mga kasamahan. Ayon sa Kautusan, ang mga pari
lamang ang may karapatang kumain niyon."

27Sinabi rin ni Jesus, "Itinakda ang Araw ng Pamamahinga para sa tao; hindi
nilikha ang tao para sa Araw ng Pamamahinga.

28Ang Anak ng Tao ay Panginoon maging ng Araw ng Pamamahinga."

## Marcos 3

### Pinagaling ang Lalaking Paralisado ang Isang Kamay
(Mt. 12:9-14; Lu. 6:6-11)

1Muling pumasok si Jesus sa sinagoga. Naratnan niya roon ang isang
lalaking paralisado ang isang kamay.

2Pinagmasdan ng ilang taong naroroon kung pagagalingin ni Jesus ang
lalaking iyon sa Araw ng Pamamahinga, upang may maiparatang sila laban
sa kanya.

3Tinawag ni Jesus ang lalaking paralisado ang kamay, "Halika rito!"

4Pagkatapos, tinanong naman niya ang mga tao, "Alin ba ang naaayon sa
Kautusan, ang gumawa ng mabuti, o ang gumawa ng masama sa Araw ng
Pamamahinga? Ang magligtas ng buhay, o ang pumatay?" Ngunit hindi sila
sumagot.

5Tiningnan ni Jesus ang mga taong nakapaligid sa kanya. Nagalit siya at
nalungkot dahil sa katigasan ng kanilang mga puso. Pagkatapos, sinabi niya

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

sa maysakit, "Iunat mo ang iyong kamay." Iniunat naman ng lalaki ang kanyang kamay at ito'y gumaling.

6Umalis ang mga Pariseo at agad nakipagsabwatan sa mga tagasunod ni Herodes upang maipapatay si Jesus.

### Ang Napakaraming Tao sa Tabi ng Lawa

7Umalis si Jesus at ang kanyang mga alagad at sila'y nagpunta sa tabi ng lawa. Sinundan siya roon ng napakaraming taong buhat sa Galilea, sa Judea,

8sa Jerusalem, sa Idumea, sa ibayo ng Jordan, at sa palibot ng Tiro at Sidon. Sumunod sila kay Jesus dahil nabalitaan nila ang lahat ng ginagawa niya.

9Dahil napakarami ng mga tao, inutusan ni Jesus ang kanyang mga alagad na maghanda ng isang bangkang masasakyan niya upang hindi siya maipit ng mga taong dumaragsa.

10Sapagkat marami na siyang pinagaling, dinudumog siya ng lahat ng maysakit upang mahawakan man lamang siya.

11Bawat taong sinasapian ng masamang espiritu na makakita sa kanya ay nagpapatirapa sa harapan niya at sumisigaw, "Ikaw ang Anak ng Diyos!"

12Ngunit mahigpit na inutusan ni Jesus ang masasamang espiritu na huwag ipagsabi kung sino siya.

### Ang Pagpili ni Jesus sa Labindalawang Apostol

(Mt. 10:1-4; Lu. 6:12-16)

13Pagkatapos nito, umakyat si Jesus sa bundok at tinawag ang mga taong pinili niya, at lumapit sila sa kanya.

14Pumili siya ng labindalawa [na tinawag niyang mga apostol]. Hinirang niya ang mga ito upang makasama niya at isugo upang mangaral.

15Sila ay binigyan din niya ng kapangyarihang magpalayas ng mga demonyo.

16[Ito ang labindalawang hinirang niya:] si Simon, na pinangalanan niyang Pedro;

17ang magkapatid na sina Santiago at Juan na mga anak ni Zebedeo (sila'y tinawag niyang Boanerges, na ang kahulugan ay "mga anak ng kulog");

18sina Andres, Felipe, Bartolome, Mateo, Tomas, Santiago na anak ni Alfeo, si Tadeo, si Simon na Makabayan,

19at si Judas Iscariote na siyang nagkanulo kay Jesus.

### Si Jesus at si Beelzebul

(Mt. 12:22-32; Lu. 11:14-23; 12:10)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

20Pag-uwi ni Jesus, muling nagkatipon doon ang napakaraming tao kaya't hindi na sila nagkaroon ng pagkakataong kumain pa.

21Nang mabalitaan iyon ng kanyang mga kamag-anak, pumunta sila roon upang kunin siya dahil maraming nagsasabi na siya'y nasisiraan ng bait.

22Sinasabi naman ng mga tagapagturo ng Kautusan na galing sa Jerusalem, "Sinasapian siya ni Beelzebul. Nakapagpapalayas siya ng demonyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pinuno ng mga demonyo!"

23Dahil dito, pinalapit ni Jesus ang mga tao at sinabi sa kanila ang ilang talinghaga. Sabi niya, "Paanong mapapalayas ni Satanas ang kanyang sarili?

24Kapag naglaban-laban ang mga mamamayan ng isang kaharian, mawawasak ang kahariang iyon.

25Kapag naglaban-laban ang mga kaanib ng isang sambahayan, magkakawatak-watak ang sambahayang iyon.

26Gayundin naman, kapag kinalaban ni Satanas ang kanyang sarili at nagkabaha-bahagi ang kanyang mga kampon, hindi siya magtatagal at iyon na ang kanyang magiging wakas.

27"Hindi maaaring pasukin at pagnakawan ang bahay ng isang taong malakas, malibang gapusin muna siya. Kapag siya'y nakagapos na, saka pa lamang mapagnanakawan ang kanyang bahay.

28Tandaan ninyo ito: maaaring patawarin ang tao sa lahat ng kanyang kasalanan at paglapastangan,

29ngunit ang sinumang lumapastangan sa Espiritu Santo ay walang kapatawaran, sapagkat siya ay nagkasala ng walang hanggang kasalanan."

30Sinabi ito ni Jesus sapagkat sinasabi ng mga tao na siya'y sinasapian ng masamang espiritu.

### Ang Ina at mga Kapatid ni Jesus

(Mt. 12:46-50; Lu. 8:19-21)

31Dumating ang ina at mga kapatid ni Jesus. Tumayo sila sa labas ng bahay at ipinatawag siya.

32Nang oras na iyon ay maraming taong nakaupo sa palibot ni Jesus. May nagsabi sa kanya, "Nasa labas po at naghihintay ang inyong ina at mga kapatid na lalaki [at mga kapatid na babae]."

33"Sino ang aking ina at mga kapatid?" tanong naman ni Jesus.

34Tumingin siya sa mga nakaupo sa palibot at sinabi, "Ito ang aking ina at mga kapatid!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

35Sapagkat ang mga sumusunod sa kalooban ng Diyos ang aking mga kapatid at aking ina.”

## Marcos 4

### Ang Talinghaga tungkol sa Manghahasik

(Mt. 13:1-9; Lu. 8:4-8)

1Muling nagturo si Jesus sa tabi ng Lawa ng Galilea. At dahil nagkatipon sa paligid niya ang napakaraming tao, siya'y sumakay at umupo sa isang bangkang nasa tubig. Nanatili naman ang mga tao sa dalampasigan,

2at sila'y tinuruan niya ng maraming bagay sa pamamagitan ng mga talinghaga. Ganito ang sinabi niya:

3“Makinig kayo! May isang magsasakang lumabas upang maghasik ng binhi.

4Sa kanyang paghahasik ay may mga binhing nalaglag sa daan. Dumating ang mga ibon at tinuka ang mga iyon.

5May mga binhi namang nalaglag sa batuhan. Bagama't kaunti lamang ang lupa roon, agad sumibol ang mga binhing iyon.

6Ngunit nang tumindi ang sikat ng araw, nalanta at natuyo ang mga binhing tumubo, palibhasa'y hindi ito masyadong nag-ugat.

7May mga binhi namang nalaglag sa may damuhang matinik; nang lumago ang mga damo, sinakal nito ang mga binhing tumubo, kaya't hindi nakapamunga ang mga binhi.

8At may mga binhi namang nalaglag sa matabang lupa. Ang mga ito ay tumubo, lumago, at namunga nang marami, may tigtatatlumpu, tig-aanimnapu, at tig-iisandaan.”

9Sinabi pa ni Jesus, “Makinig ang may pandinig.”

### Ang Layunin ng Talinghaga

(Mt. 13:10-17; Lu. 8:9-10)

10Nang nag-iisa na si Jesus, ang ilan sa mga nakikinig ay lumapit sa kanya kasama ang Labindalawa. Hiniling nilang ipaliwanag niya ang talinghaga.

11Sinabi niya, “Ipinagkaloob sa inyo ang karapatang maunawaan ang hiwaga tungkol sa kaharian ng Diyos, ngunit sa iba na nasa labas, ang lahat ng bagay ay itinuturo sa pamamagitan ng talinghaga.

12Nang sa gayon, ‘Tumingin man sila nang tumingin ay hindi sila makakakita, at makinig man sila nang makinig ay hindi makakaunawa. Kung hindi sila ganito, nagbalik-loob na sana sila sa Diyos at napatawad sila.’”

### Paliwanag sa Talinghaga tungkol sa Manghahasik

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

(Mt. 13:18-23; Lu. 8:11-15)

13 Pagkatapos, tinanong sila ni Jesus, “Hindi pa ba ninyo nauunawaan ang talinghagang ito? Paano ninyo mauunawaan ang iba pang mga talinghaga?

14 Ito ang kahulugan ng talinghaga: ang binhing inihahasik ay ang Salita ng Diyos

15 at ang mga binhi namang nalaglag sa daan ay ang mga taong nakikinig sa Salita ng Diyos. Pagkarinig nila'y dumarating si Satanas at inaalis ang salitang inihasik sa kanila.

16 “Ang katulad ng mga binhing nalaglag sa batuhan ay ang mga taong nakikinig ng Salita ng Diyos at agad na tinatanggap ito nang may galak.

17 Subalit hindi ito tumitimo sa kanila kaya't hindi sila nagtatagal. Pagdating ng kapighatian o pag-uusig dahil sa Salita ng Diyos, agad silang sumusuko.

18 “Ito naman ang katulad ng mga binhing nalaglag sa may matitinik na halaman. Sila ang mga taong nakikinig ng Salita ng Diyos

19 ngunit dahil sa alalahanin sa buhay na ito, pagkasilaw sa salapi, o kaya'y pagkahumaling sa ibang mga bagay, ang Salita ay nawawalan ng puwang sa kanilang puso kaya't hindi ito nakakapamunga.

20 “Ito naman ang katulad ng mga binhing nalaglag sa matabang lupa. Sila ang mga taong nakikinig at tumatanggap sa Salita ng Diyos at namumunga nang masagana; may tigtatatlumpu, may tig-aanimnapu at may tig-iisandaan.”

**Walang Lihim na Hindi Mabubunyag**

(Lu. 8:16-18)

21 Nagpatuloy si Jesus ng pagsasalita. Sinabi niya, “Sinisindihan ba ang ilawan upang itago sa ilalim ng takalan, o kaya'y sa ilalim ng higaan? Hindi ba't kapag nasindihan na ay inilalagay ito sa talagang patungan ng ilaw?

22 Walang natatagong di malalantad, at walang lihim na di mabubunyag.

23 Makinig ang may pandinig!”

24 Idinugtong pa niya, “Unawain ninyong mabuti ang inyong naririnig. Ang panukat na ginagamit ninyo sa iba ay siya ring gagamiting panukat sa inyo, at higit pa roon.

25 Sapagkat ang mayroon ay bibigyan pa, ngunit ang wala, kahit ang kakaunting nasa kanya ay kukunin pa.”

**Ang Talinghaga ng Binhing Tumutubo**

26 Sinabi pa ni Jesus, “Ang kaharian ng Diyos ay maitutulad sa isang taong naghasik ng binhi sa kanyang bukid.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Natutulog siya kung gabi at bumabangon kung araw. Samantala, ang binhi ay tumutubo at lumalago ngunit hindi alam ng naghasik kung paano.

28Ang lupa ang nagpapasibol at nagpapabunga sa mga pananim; usbong muna ang lumilitaw, saka ang tangkay; pagkatapos, nahihitik ito sa butil.

29Kapag hinog na ang mga butil, agad itong ginagapas ng taong naghasik sapagkat panahon na para ito'y anihin."

**Ang Talinghaga ng Butil ng Mustasa**
(Mt. 13:31-32, 34; Lu. 13:18-19)

30"Saan pa natin maihahambing ang kaharian ng Diyos? Anong talinghaga ang gagamitin natin upang mailarawan ito?" tanong ni Jesus.

31"Ang katulad nito ay butil ng mustasa na siyang pinakamaliit sa lahat ng binhi.

32Ngunit kapag itinanim, ito'y lumalago at nagiging pinakamalaki sa lahat ng tanim; ito'y nagkakasanga nang mayabong, kaya't ang mga ibon ay nakakapamugad sa lilim nito."

**Ang Paggamit ng mga Talinghaga**

33Ipinangaral ni Jesus sa mga tao ang mensahe sa pamamagitan ng maraming talinghagang tulad ng mga ito, hanggang sa makakaya pa nilang makinig.

34Tuwing nangangaral siya sa kanila ay gumagamit siya ng talinghaga, ngunit ipinapaliwanag niya ang mga ito sa kanyang mga alagad kapag sila-sila na lamang.

**Pinatigil ni Jesus ang Bagyo**
(Mt. 8:23-27; Lu. 8:22-25)

35Kinagabiha'y sinabi ni Jesus sa mga alagad, "Tumawid tayo sa ibayo."

36Kaya't iniwan nila ang mga tao at sumakay sila sa bangkang sinasakyan ni Jesus upang tumawid ng lawa. May iba pang mga bangkang nakisabay sa kanila.

37Habang naglalayag, inabot sila ng malakas na bagyo kaya't ang bangkang sinasakyan nila'y hinampas ng malalaking alon at ito'y halos mapuno na ng tubig.

38Si Jesus ay natutulog noon sa may hulihan ng bangka, nakahilig sa isang unan. Ginising siya ng mga alagad at sinabi, "Guro, balewala ba sa inyo kung mapahamak kami?"

39Bumangon si Jesus at sinaway ang hangin, "Tigil!" at sinabi sa lawa, "Tumahimik ka!" Tumigil nga ang hangin at tumahimik ang lawa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

40Pagkatapos, sinabi niya sa mga alagad, “Bakit kayo natatakot? Hanggang ngayon ba'y wala pa rin kayong pananampalataya?”

41Natakot sila nang labis at namangha. Sabi nila sa isa't isa, “Anong klaseng tao ito? Pati hangin at lawa ay sumusunod sa kanya!”

## Marcos 5

### Ang Pagpapagaling sa Gerasenong Sinasapian ng Masasamang Espiritu

(Mt. 8:28-34; Lu. 8:26-39)

1Si Jesus at ang kanyang mga alagad ay dumating sa kabilang ibayo, sa lupain ng mga Geraseno.

2Pagkababa ni Jesus sa bangka, siya'y sinalubong ng isang lalaking sinasapian ng masamang espiritu.

3Ang lalaking ito'y nakatira sa mga libingan. Hindi na siya maigapos, kahit tanikala pa ang gamitin.

4Bagama't madalas siyang gapusin ng tanikala sa kamay at paa, nilalagot lamang niya ang mga ito. Wala nang nakakapigil sa kanya.

5Araw-gabi'y nagsisisigaw siya sa mga libingan at sa kabundukan, at sinusugatan din niya ng matalas na bato ang kanyang sarili.

6Malayo pa'y natanaw na nito si Jesus. Patakbo itong lumapit at lumuhod sa harapan niya.

7Sumigaw siya nang malakas, “Jesus, Anak ng Kataas-taasang Diyos, ano'ng pakay mo sa akin? Ipangako mo sa ngalan ng Diyos na hindi mo ako pahihirapan!”

8Sinabi niya ito sapagkat iniutos ni Jesus, “Masamang espiritu, lumabas ka sa taong ito!”

9Tinanong siya ni Jesus, “Ano ang pangalan mo?” “Batalyon, sapagkat marami kami,” tugon niya.

10At nakiusap siya kay Jesus na huwag silang palayasin sa lugar na iyon.

11Samantala, sa libis ng bundok ay may malaking kawan ng mga baboy na nagsisikain.

12Nagmakaawa kay Jesus ang masasamang espiritu, “Papasukin mo na lamang kami sa mga baboy.”

13Pinahintulutan niya sila kaya't lumabas nga sa lalaki ang masasamang espiritu at pumasok sa mga baboy. Ang kawan na may dalawang libo ay

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

nagtakbuhan sa gilid ng matarik na bangin hanggang sa nahulog ang mga ito sa lawa at nalunod.

14Tumakbo ang mga tagapag-alaga ng kawan ng baboy at ibinalita sa bayan at sa karatig-pook ang mga pangyayari. Kaya't ang mga tao ay nagpuntahan doon upang alamin ang nangyari.

15Paglapit nila kay Jesus, nakita nila ang lalaking dating sinasapian ng mga demonyo; nakaupo ito, nakadamit at matino na ang isip, at sila'y natakot.

16Isinalaysay sa kanila ng mga nakakita ang nangyari sa dating sinasapian ng demonyo at sa mga baboy.

17Dahil dito, nakiusap ang mga tao kay Jesus na umalis siya sa kanilang lupain.

18Nang pasakay na si Jesus sa bangka, nakiusap ang dating sinasapian ng mga demonyo na siya'y isama niya,

19ngunit hindi pumayag si Jesus. Sa halip ay sinabi niya sa lalaki, “Umuwi ka na at sabihin mo sa iyong mga kamag-anak ang lahat ng ginawa sa iyo ng Panginoon, at kung paano siya nahabag sa iyo.”

20Umalis ang lalaki at ipinamalita sa buong Decapolis ang ginawa sa kanya ni Jesus. At namangha ang lahat ng nakarinig noon.

### Ang Anak ni Jairo at ang Babaing Dinudugo

(Mt. 9:18-26; Lu. 8:40-56)

21Si Jesus ay sumakay sa bangka at bumalik sa kabilang ibayo. Nasa baybayin pa lamang siya ng lawa ay dinumog na siya ng napakaraming tao.

22Naroon din ang isang tagapamahala ng sinagoga na ang pangalan ay Jairo. Pagkakita kay Jesus, siya'y lumuhod sa paanan nito

23at nagmakaawa, “Nag-aagaw-buhay po ang anak kong dalagita. Maawa po kayo, sumama kayo sa akin at ipatong ninyo sa kanya ang inyong kamay upang siya ay gumaling at mabuhay!”

24Sumama naman si Jesus. Ngunit sumunod din sa kanya ang napakaraming tao, kaya't halos maipit na siya.

25Kasama rin doon ang isang babaing labindalawang taon nang dinudugo.

26Hirap na hirap na siya sa sakit na iyon, at marami nang doktor ang sumuri sa kanya. Naubos na ang kanyang ari-arian sa pagpapagamot ngunit hindi pa rin siya gumagaling. Sa halip, lalo pang lumala ang kanyang karamdaman.

27Nabalitaan niya ang tungkol kay Jesus kaya't nakipagsiksikan siya hanggang sa makalapit sa likuran ni Jesus, at hinipo ang damit nito,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

28sapagkat iniisip niyang: “mahipo ko lang ang kanyang damit, gagaling na
ako.”

29Agad ngang tumigil ang kanyang pagdurugo at naramdaman niyang
magaling na siya.

30Naramdaman agad ni Jesus na may kapangyarihang lumabas sa kanya,
kaya't bumaling siya sa mga tao at nagtanong, “Sino ang humipo sa aking
damit?”

31Sumagot ang kanyang mga alagad, “Nakikita po ninyong napakaraming
nagsisiksikan sa paligid ninyo, bakit pa ninyo itinatanong kung sino ang
humipo sa damit ninyo?”

32Subalit lumingun-lingon si Jesus upang tingnan kung sino ang humipo sa
damit niya.

33Palibhasa'y alam ng babae ang nangyari, siya'y nanginginig sa takot na
lumapit kay Jesus, nagpatirapa, at ipinagtapat ang buong katotohanan.

34Subalit sinabi sa kanya ni Jesus, “Anak, pinagaling ka ng iyong
pananampalataya. Umuwi ka na at ipanatag mo ang iyong kalooban. Ikaw
ay magaling na.”

35Habang nagsasalita pa si Jesus, may ilang taong dumating mula sa bahay
ni Jairo. “Patay na po ang inyong anak. Huwag na po ninyong abalahin ang
Guro,” sabi nila.

36Ngunit nang marinig ito ni Jesus, sinabi niya kay Jairo, “Huwag kang
matakot; manampalataya ka lamang.”

37At hindi pinayagan ni Jesus na sumama sa kanya ang mga tao maliban
kina Pedro at ang magkapatid na Santiago at Juan.

38Nang dumating sila sa bahay ni Jairo, nakita ni Jesus na nagkakagulo ang
mga tao, may mga nag-iiyakan at nananaghoy.

39Pagpasok niya ay kanyang sinabi, “Bakit kayo nagkakagulo at nag-
iiyakan? Hindi patay ang bata. Siya'y natutulog lamang.”

40Dahil sa sinabi niya, pinagtawanan siya ng mga tao. Subalit pinalabas niya
ang lahat maliban sa tatlong alagad at sa mga magulang ng bata, at
pumasok sila sa kinaroroonan ng bata.

41Hinawakan ni Jesus ang kamay ng bata at sinabi, “Talitha koum,” na ang
ibig sabihi'y “Ineng, bumangon ka!”

42Noon di'y bumangon ang bata at lumakad, at labis na namangha ang lahat.
Ang batang ito'y labindalawang taong gulang na.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

43Mahigpit na ipinagbilin ni Jesus na huwag nilang sasabihin kaninuman ang nangyari. Pagkatapos, iniutos niyang bigyan ng makakain ang bata.

## Marcos 6

### Hindi Tinanggap si Jesus sa Nazaret

(Mt. 13:53-58; Lu. 4:16-30)

1Umalis doon si Jesus at umuwi siya sa sariling bayan kasama ang kanyang mga alagad.

2Pagdating ng Araw ng Pamamahinga, si Jesus ay nagturo sa sinagoga. Maraming tao ang nakarinig sa kanya at sa kanilang pagkamangha'y nagtanungan sila, "Saan niya natutunan ang lahat ng iyan? Anong karunungan itong ipinagkaloob sa kanya? Paano siya nakakagawa ng mga himala?

3Hindi ba ito ang karpinterong anak ni Maria, at kapatid nina Santiago, Jose, Judas, at Simon? Tagarito rin ang kanyang mga kapatid na babae, hindi ba?" Kaya hindi sila naniwala sa kanya.

4Dahil dito, sinabi ni Jesus sa kanila, "Ang isang propeta'y iginagalang ng lahat, maliban ng kanyang mga kababayan, mga kamag-anak, at ng kanyang pamilya."

5Hindi siya nakagawa ng himala roon, maliban sa ilang maysakit na pinatungan niya ng kanyang kamay at pinagaling.

6Namangha siya dahil ayaw nilang maniwala sa kanya.

### Isinugo ni Jesus ang Labindalawa

(Mt. 10:5-15; Lu. 9:1-6)

Nilibot ni Jesus ang mga nayon sa paligid at tinuruan niya ang mga tagaroon.

7Tinawag niya ang Labindalawa at isinugo sila nang dala-dalawa. Sila ay binigyan niya ng kapangyarihang magpalayas ng masasamang espiritu,

8at pinagbilinang, "Sa inyong paglalakbay, huwag kayong magdala ng anuman, maliban sa tungkod. Huwag kayong magdala ng pagkain, ng balutan o ng pera.

9Magsuot kayo ng sandalyas ngunit huwag kayong magdala ng bihisan."

10Sinabi rin niya sa kanila, "Kapag kayo ay pinatuloy sa isang bahay, manatili kayo roon hanggang sa inyong pag-alis sa bayang iyon.

11Kung ayaw kayong tanggapin o pakinggan sa isang bayan, umalis kayo roon at ipagpag ninyo ang alikabok sa inyong mga paa, bilang babala sa mga tagaroon."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Humayo nga ang Labindalawa at nangaral na ang mga tao ay dapat magsisi at tumalikod sa kanilang mga kasalanan.

13Pinalayas nila ang mga demonyo mula sa mga sinasapian ng mga ito; pinahiran nila ng langis ang maraming maysakit at pinagaling ang mga ito.

### Ang Pagkamatay ni Juan na Tagapagbautismo

(Mt. 14:1-12; Lu. 9:7-9)

14Nakarating kay Haring Herodes ang balita tungkol kay Jesus, sapagkat nakikilala na siya ng maraming tao. May mga nag-aakala na si Juan na Tagapagbautismo ay muling nabuhay kaya si Jesus ay nakakagawa ng mga himala.

15Ngunit mayroon ding nagsasabi na siya si propeta Elias. At may iba pang nagsasabing, “Siya'y isang propeta, katulad ng mga propeta noong unang panahon.”

16Nang ito'y marinig ni Herodes, sinabi niya, “Siya ay si Juan na aking pinapugutan ng ulo. Muli siyang nabuhay.”

17Si Herodes mismo ang nagpahuli at nagpabilanggo kay Juan dahil sa kagustuhan ni Herodias. (Ang babaing ito ay pinakasalan at kinakasama ni Herodes bagama't ito'y asawa ng kapatid niyang si Felipe.)

18Sapagkat laging sinasabi ni Juan kay Herodes, “Labag sa batas na kasamahin mo ang asawa ng inyong kapatid!”

19At dahil dito, si Herodias ay nagkimkim ng galit kay Juan at ibig niya itong ipapatay. Ngunit hindi niya ito magawâ

20sapagkat alam niyang natatakot si Herodes kay Juan. Itinuturing ng hari na si Juan ay taong matuwid at banal, at sinisikap niyang huwag itong mapahamak. Gustung-gusto niyang makinig kay Juan kahit labis siyang nababagabag sa mga sinasabi nito.

21Subalit nagkaroon din ng pagkakataon si Herodias na ipapatay si Juan nang sumapit ang kaarawan ni Herodes. Si Herodes ay nagpahanda ng malaking salu-salo at inanyayahan niya ang kanyang mga opisyal, mga pinuno ng hukbo, at ang mga pangunahing mamamayan ng Galilea.

22Nang pumasok ang anak na babae ni Herodias at nagsayaw, labis na nasiyahan si Herodes at ang mga panauhin, kaya't sinabi ng hari sa dalaga, “Hingin mo ang anumang nais mo at ibibigay ko sa iyo.”

23Naipangako rin niya sa dalaga na ibibigay niya kahit ang kalahati ng kanyang kaharian kung ito ang hihingin.

24Kaya't lumabas ang dalaga at tinanong ang kanyang ina, “Ano po ang hihingin ko?” “Ang ulo ni Juan na Tagapagbautismo,” sagot ng ina.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Mabilis na nagbalik ang dalaga sa kinaroroonan ng hari at sinabi niya, “Ang nais ko'y ibigay ninyo sa akin ngayon din ang ulo ni Juan na Tagapagbautismo, na nakalagay sa isang pinggan.”

26Labis na nalungkot ang hari, subalit dahil sa kanyang sumpang narinig ng mga panauhin, hindi niya matanggihan ang dalaga.

27Kaagad niyang iniutos sa isang kawal na dalhin sa kanya ang ulo ni Juan. Sumunod nga ang kawal at pinugutan niya ng ulo si Juan sa loob ng bilangguan.

28Inilagay niya ang ulo sa isang pinggan at ibinigay sa dalaga. Ibinigay naman iyon ng dalaga sa kanyang ina.

29Nang mabalitaan ito ng mga alagad ni Juan, kinuha nila ang kanyang bangkay at inilibing.

**Ang Pagpapakain sa Limanlibo**

(Mt. 14:13-21; Lu. 9:10-17; Jn. 6:1-14)

30Bumalik kay Jesus ang mga apostol at iniulat nila sa kanya ang lahat ng kanilang ginawa at itinuro.

31Subalit napakaraming taong dumarating at umaalis, at hindi na nila makuhang kumain. Kaya't sinabi ni Jesus sa mga alagad, “Magpunta tayo sa hindi mataong lugar upang makapagpahinga kayo nang kaunti.”

32Umalis nga silang sakay ng isang bangka, at nagpunta sa isang liblib na lugar.

33Ngunit maraming nakakita sa kanilang pag-alis at nakaalam kung saan sila pupunta. Kaya't ang mga tao mula sa lahat ng bayan ay patakbong pumunta sa lugar na iyon at naunahan pa nila sina Jesus.

34Pagbaba ni Jesus sa bangka, nakita niya ang napakaraming tao. Nahahabag siya sa kanila sapagkat para silang mga tupang walang pastol, kaya't sila'y tinuruan niya ng maraming bagay.

35Nang dapit-hapon na, lumapit sa kanya ang mga alagad at sinabi, “Liblib ang pook na ito at malapit nang lumubog ang araw.

36Paalisin na po ninyo ang mga tao upang makapunta sila sa mga karatig-nayon at bayan upang makabili ng pagkain.”

37Ngunit sinabi sa kanila ni Jesus, “Bigyan ninyo sila ng makakain.” Sumagot ang mga alagad, “Nais po ba ninyong bumili kami ng pagkain sa halagang dalawandaang salaping pilak?”

38“Ilan ang dala ninyong tinapay? Tingnan nga ninyo,” utos niya. Pagkatapos tingnan ay kanilang sinabi, “Lima po, at dalawang isda.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

39Iniutos ni Jesus sa mga alagad na paupuin nang pangkat-pangkat ang mga tao sa damuhan.

40Kaya't naupo ang mga tao nang tig-iisang daan at tiglilimampu bawat grupo.

41Kinuha ni Jesus ang limang tinapay at dalawang isda; tumingala siya sa langit at nagpasalamat sa Diyos. Hinati-hati niya ang mga tinapay at ibinigay sa kanyang mga alagad upang ipamahagi sa mga tao. Hinati-hati rin niya ang dalawang isda at ipinamahagi rin nila.

42Ang lahat ay nakakain at nabusog,

43at nang tipunin ng mga alagad ang lumabis na tinapay at isda, nakapuno pa sila ng labindalawang kaing.

44May limanlibong lalaki ang kumain [ng tinapay].

**Lumakad si Jesus sa Ibabaw ng Tubig**
(Mt. 14:22-33; Jn. 6:15-21)

45Agad pinasakay ni Jesus sa bangka ang kanyang mga alagad. Sila ay pinauna niya sa Bethsaida, sa kabilang ibayo ng lawa, habang pinapauwi naman niya ang mga tao.

46Matapos magpaalam, umakyat siya sa bundok upang manalangin.

47Pagsapit ng gabi, nasa laot na ang bangka, habang si Jesus ay nag-iisa sa pampang.

48Nakita niyang nahihirapan sa pagsagwan ang kanyang mga alagad dahil pasalungat sila sa ihip ng hangin. Nang madaling-araw na, sumunod sa kanila si Jesus na naglalakad sa ibabaw ng tubig. Nang malalampasan na niya ang mga alagad,

49nakita ng mga ito na siya ay lumalakad sa ibabaw ng tubig. Akala nila siya ay isang multo kaya sila ay nagsisigaw.

50Takot na takot silang lahat, ngunit agad na sinabi ni Jesus sa kanila, “Huwag kayong matakot. Ako ito! Lakasan ninyo ang inyong loob!”

51Sumakay siya sa bangka at pumayapa ang hangin. Sila'y lubhang namangha

52sapagkat hindi pa nila nauunawaan ang tungkol sa pagpapakain ng tinapay; hindi pa ito abot ng kanilang isip.

**Pinagaling ni Jesus ang mga Maysakit sa Genesaret**
(Mt. 14:34-36)

53Tumawid sila sa ibayo at pagdating sa Genesaret ay dumaong sila sa pampang.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

54Pagbabang-pagbaba nila, nakilala agad siya ng mga tao.

55Kaya't nagmadaling nagpuntahan ang mga tao sa mga karatig-pook. Saanman nila mabalitaang naroon si Jesus, dinadala nila ang mga maysakit na nakaratay sa higaan.

56At saan man siya pumunta, sa nayon, sa lungsod, o sa kabukiran, agad na inilalapit sa kanya ang mga may karamdaman at ipinapakiusap sa kanya na mahawakan man lamang nila ang laylayan ng kanyang damit. At ang lahat ng makahawak dito ay gumagaling.

## Marcos 7

### Mga Nakaugaliang Katuruan

(Mt. 15:1-9)

1Lumapit kay Jesus ang mga Pariseo kasama ang ilang tagapagturo ng Kautusan na galing pa sa Jerusalem.

2Nakita nila ang ilan sa mga alagad niya na kumakain nang marumi ang mga kamay dahil hindi nahugasan ayon sa kaugalian ng mga Judio.

3(Sapagkat ang mga Judio, lalo na ang mga Pariseo, ay hindi kumakain hangga't hindi muna sila nakapaghuhugas ng kamay ayon sa kaugaliang minana nila mula sa kanilang mga ninuno.

4Hindi rin sila kumakain ng anumang galing sa palengke nang hindi muna ito hinuhugasan. Marami pa silang sinusunod na katuruang minana, tulad ng paghuhugas ng mga tasa, pitsel, sisidlang tanso, [at mga higaan].)

5Kaya tinanong si Jesus ng mga Pariseo at ng mga tagapagturo ng Kautusan, “Bakit hindi sumusunod ang mga alagad mo sa mga turo ng ating mga ninuno? Kumakain sila nang hindi man lamang naghuhugas ng kamay ayon sa kaugalian.”

6Sinagot sila ni Jesus, “Mga mapagkunwari! Tama nga ang sinabi ni Isaias tungkol sa inyo, nang kanyang isulat, ‘Ang paggalang sa akin ng bayang ito ay pakunwari lamang, sapagkat ito'y sa bibig at hindi sa puso bumubukal.

7Walang kabuluhan ang kanilang pagsamba, sapagkat itinuturo nilang galing sa Diyos ang kanilang mga utos.’

8Binabaliwala ninyo ang utos ng Diyos, at ang sinusunod ninyo'y mga tradisyon ng tao.”

9Sinabi pa ni Jesus, “Ang gagaling ninyo! Para lamang masunod ang inyong mga tradisyon, pinapawalang-bisa ninyo ang utos ng Diyos!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Halimbawa, iniutos ni Moises na 'Igalang mo ang iyong ama at ina', at 'Ang sinumang lumait sa kanyang ama o ina ay dapat patayin.'

11Ngunit itinuturo naman ninyo na kapag sinabi ng isang tao sa kanyang ama o ina, 'Naihandog ko na sa Diyos ang mga tulong ko sa inyo';

12ang taong iyon ay hindi na ninyo pinapatulong sa kanilang mga magulang.

13Sa gayong paraan, pinapawalang-bisa ninyo ang salita ng Diyos sa pamamagitan ng mga itinuturo ninyo. At marami pa kayong ginagawang katulad nito."

**Ang Nagpaparumi sa Tao**

(Mt. 15:10-20)

14Muling pinalapit ni Jesus ang mga tao at sinabi sa kanila, "Makinig kayong lahat at unawain ang aking sasabihin!

15Hindi nagiging marumi ang isang tao dahil sa pagkaing pumapasok sa
kanyang bibig, kundi dahil sa lumalabas dito. [16Makinig ang may pandinig!]"

17Iniwan ni Jesus ang mga tao, at nang makapasok na siya sa bahay, siya'y tinanong ng kanyang mga alagad tungkol sa talinghaga.

18"Pati ba naman kayo ay hindi pa rin makaunawa?" tanong ni Jesus. "Hindi ba ninyo alam na hindi nagiging marumi ang isang tao dahil sa pagkaing ipinapasok niya sa kanyang bibig,

19sapagkat hindi naman iyon pumapasok sa kanyang puso, kundi sa tiyan, at pagkatapos ay idinudumi." (Sa ganitong paraan ay ipinahayag ni Jesus na ang lahat ng pagkain ay maaaring kainin.)

20At sinabi rin niya, "Ang lumalabas sa tao ang nagpaparumi sa kanya sa paningin ng Diyos.

21Sapagkat sa loob, sa puso ng tao, nagmumula ang masasamang isipang nag-uudyok sa kanya upang makiapid, magnakaw, pumatay,

22mangalunya, mag-imbot, gumawa ng kasamaan tulad ng pandaraya, kahalayan, pagkainggit, paninirang-puri, pagmamayabang, at kahangalan.

23Ang lahat ng masasamang bagay na ito ay nanggagaling sa puso at dahil sa mga ito ay nagiging marumi ang tao."

**Pinagaling ang Anak ng Babaing Taga-Tiro**

(Mt. 15:21-28)

24Umalis doon si Jesus at nagpunta sa lugar na malapit sa Tiro [at ng Sidon]. Tumuloy siya sa isang bahay doon at ayaw niyang malaman ninuman na naroon siya. Subalit hindi ganoon ang nangyari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[25]Ang pagdating niya'y nabalitaan ng isang babae na may anak na babaing sinasapian ng masamang espiritu. Pumunta agad kay Jesus ang ina at nagpatirapa sa kanyang harapan.

[26]Ang babaing ito'y isang Hentil na taga-Sirofenicia. Nakiusap ito kay Jesus na palayasin ang demonyong sumapi sa kanyang anak.

[27]Ngunit sinabi ni Jesus, “Kailangang ang mga anak muna ang pakainin. Hindi dapat kunin ang pagkain ng mga anak upang ihagis sa mga aso.”

[28]Tugon ng babae, “Tunay nga po, Panginoon, ngunit maging ang mga asong nasa ilalim ng mesa ay kumakain ng mga nalalaglag mula sa kinakain ng mga anak.”

[29]Kaya't sinabi sa kanya ni Jesus, “Dahil sa sinabi mo, maaari ka nang umuwi. Iniwan na ng demonyo ang iyong anak.”

[30]Umuwi ang babae at naratnan niya sa higaan ang bata. Iniwan na nga ito ng demonyo.

**Ang Pagpapagaling sa Taong Bingi at Pipi**

[31]Umalis si Jesus mula sa lupain ng Tiro, dumaan sa Sidon at nagtuloy sa Lawa ng Galilea. Tinahak niya ang lupain ng Decapolis.

[32]Dinala ng mga tao sa kanya ang isang lalaking bingi at may kapansanan sa pagsasalita, at nakiusap sila sa kanya na ipatong niya rito ang kanyang kamay.

[33]Inilayo muna ni Jesus sa karamihan ang lalaki, at isinuot ang kanyang mga daliri sa mga tainga nito. Pagkatapos, dumura si Jesus at ipinahid ito sa dila ng pipi.

[34]Tumingala si Jesus sa langit, nagbuntong-hininga at sinabi sa lalaki, “Effata,” na ang ibig sabihi'y, “Mabuksan!”

[35]Noon di'y nakarinig ang lalaki at nakapagsalita na nang maayos.

[36]Sinabi ni Jesus sa mga tao na huwag ipamalita ito, ngunit habang pinagbabawalan niya ang mga tao ay lalo naman nila itong ipinamamalita.

[37]Buong paghangang sinasabi nila, “Napakahusay ng lahat ng kanyang ginagawa! Binibigyan niya ng pandinig ang mga bingi at pinapagsalita ang mga pipi!”

## Marcos 8

**Ang Pagpapakain sa Apat na Libo**
(Mt. 15:32-39)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Nang mga araw na iyon, muling nagkatipon ang napakaraming tao. Wala nang makain ang mga ito kaya't tinawag ni Jesus ang kanyang mga alagad at sinabi sa kanila,

2“Naaawa ako sa mga taong ito sapagkat tatlong araw na ngayong kasama ko sila at wala na silang makain.

3Kung pauuwiin ko sila nang gutom, mahihilo sila sa daan; malayo pa naman ang pinanggalingan ng ilan sa kanila.”

4“Ito po ay isang liblib na lugar. Saan po tayo kukuha ng pagkain para sa ganito karaming tao?” tanong ng mga alagad.

5“Ilan ang tinapay ninyo riyan?” tanong ni Jesus. “Pito po,” sagot nila.

6Pinaupo ni Jesus sa lupa ang mga tao at kinuha ang pitong tinapay. Nagpasalamat siya sa Diyos, hinati-hati ang mga tinapay at ibinigay sa mga alagad upang ipamahagi sa mga tao. Ganoon nga ang ginawa ng mga alagad.

7Mayroon din silang ilang maliliit na isda. Muli siyang nagpasalamat sa Diyos at pagkatapos ay iniutos niyang ipamahagi din iyon sa mga tao.

8Kumain ang lahat at nabusog. Nang tipunin nila ang lumabis, nakapuno pa sila ng pitong kaing.

9May apat na libong tao ang kumain. Matapos pauwiin ang mga tao,

10sumakay si Jesus sa bangka, kasama ang kanyang mga alagad, at nagtungo sila sa lupain ng Dalmanuta.

### Humingi ng Palatandaan ang mga Pariseo

(Mt. 16:1-4)

11May dumating na mga Pariseo at nakipagtalo kay Jesus. Nais nilang subukin siya kaya't hiniling nilang magpakita siya ng isang himala mula sa langit.

12Napabuntong-hininga si Jesus at sinabi sa kanila, “Bakit naghahanap ng himala ang mga tao sa panahong ito? Pakatandaan ninyo: hindi sila bibigyan ng hinihingi nilang himala.”

13At sila'y iniwan niya. Muli siyang sumakay sa bangka at tumawid sa ibayo.

### Ang Pampaalsang Ginagamit ng mga Pariseo at ni Herodes

(Mt. 16:5-12)

14Nakalimutan ng mga alagad na magdala ng tinapay; iisa lang ang kanilang tinapay sa bangka.

15Sinabi ni Jesus sa kanila, “Mag-ingat kayo sa pampaalsang kinakalat ng mga Pariseo at ni Herodes.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Sabi nila sa isa't isa, “Wala kasi tayong dalang tinapay kaya sinabi niya iyon.”

17Dahil alam ni Jesus ang kanilang pinag-uusapan, sinabi niya sa kanila, “Bakit ninyo pinag-uusapang kayo'y walang dalang tinapay? Hindi pa ba kayo nakakaintindi? Hindi pa ba ito abot ng inyong isip?

18Wala ba kayong mata? Bakit hindi kayo makakita? Wala ba kayong tainga? Bakit hindi kayo makarinig? Hindi ba ninyo naaalala

19nang paghati-hatiin ko ang limang tinapay para sa limanlibong tao? Ilang kaing ang napuno ninyo ng lumabis na pagkain?” “Labindalawa po,” tugon nila.

20“At nang paghati-hatiin ko ang pitong tinapay para sa apat na libong tao, ilang kaing ang napuno ninyo?” tanong niya. “Pito po,” muli nilang sagot.

21“At hindi pa rin ba ninyo nauunawaan ito?” tanong niya.

### Pinagaling ang Isang Lalaking Bulag

22Pagdating nila sa Bethsaida, dinala ng ilang tao kay Jesus ang isang bulag at pinakiusapan nilang hipuin niya ang taong ito.

23Inakay niya ang bulag at dinala ito sa labas ng bayan. Matapos duraan at takpan ang mga mata nito ng kanyang kamay, tinanong ni Jesus, “May nakikita ka ba?”

24Tumingin ang lalaki at sumagot, “Nakakakita po ako ng mga tao, ngunit para silang mga punongkahoy na naglalakad.”

25Muling inilagay ni Jesus ang kanyang mga kamay sa mga mata ng bulag. Sa pagkakataong ito, tuminging mabuti ang bulag. Nanumbalik ang kanyang paningin at nakakita na siya nang malinaw.

26Sinabi sa kanya ni Jesus, “Maaari ka nang umuwi. Huwag ka nang bumalik sa bayan.”

### Ang Pahayag ni Pedro tungkol kay Jesus

(Mt. 16:13-20; Lu. 9:18-21)

27Si Jesus at ang kanyang mga alagad ay nagpunta sa mga nayon ng Cesarea na sakop ng Filipos. Habang sila'y naglalakbay, tinanong niya ang kanyang mga alagad, “Ano ang sinasabi ng mga tao tungkol sa akin?”

28Sumagot sila, “Ang sabi po ng ilan, kayo daw po si Juan na Tagapagbautismo; sabi naman ng iba, si Elias daw kayo; may nagsasabi ring isa raw kayo sa mga propeta.”

29“Ngunit kayo naman, ano ang sinasabi ninyo kung sino ako?” tanong niya. Sumagot si Pedro, “Kayo po ang Cristo.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

30“Huwag ninyong sasabihin kaninuman kung sino ako,” mahigpit na utos niya sa kanila.

**Unang Pagpapahayag tungkol sa Kamatayan at Muling Pagkabuhay ni Jesus**
(Mt. 16:21-28; Lu. 9:22-27)

31Mula noon, itinuro ni Jesus sa mga alagad ang mangyayari sa kanya. Sinabi niya, “Ang Anak ng Tao ay kailangang magdanas ng matinding hirap. Siya'y itatakwil ng mga pinuno ng bayan, ng mga punong pari at ng mga tagapagturo ng Kautusan. Siya'y ipapapatay ngunit muling mabubuhay sa ikatlong araw.”

32Malinaw na sinabi niya ito sa kanila at dahil dito'y dinala siya ni Pedro sa isang tabi at pinagsabihan.

33Ngunit tumalikod si Jesus, tumingin sa mga alagad, at sinabi kay Pedro, “Umalis ka sa harap ko, Satanas! Ang iniisip mo'y hindi galing sa Diyos kundi sa tao.”

34Pinalapit ni Jesus ang mga tao at ang kanyang mga alagad, at sinabi sa kanila, “Ang sinumang nagnanais sumunod sa akin ay dapat itakwil ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa akin.

35Ang sinumang nagnanais na magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito; ngunit ang mawalan ng kanyang buhay alang-alang sa akin at sa Magandang Balita ay magkakamit nito.

36Sapagkat ano ba ang mapapala ng isang tao makamtan man niya ang buong daigdig, ngunit mapapahamak naman ang kanyang sarili?

37Ano ba ang maibabayad ng isang tao para mabawi niya ang kanyang buhay?

38Kapag ikinahiya ninyo ako at ang aking mga salita sa harap ng mga taksil at makasalanang mga tao sa panahong ito, ikakahiya rin kayo ng Anak ng Tao pagparito niya na taglay ang dakilang kapangyarihan ng kanyang Ama, at kasama ang mga banal na anghel.”

## Marcos 9

1Sinabi pa ni Jesus sa kanila, “Tandaan ninyo, may ilan sa inyo rito na hindi mamamatay hangga't hindi nila nakikitang dumarating nang may kapangyarihan ang kaharian ng Diyos.”

**Ang Pagbabagong-anyo ni Jesus**
(Mt. 17:1-13; Lu. 9:28-36)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Pagkaraan ng anim na araw, umakyat si Jesus sa isang mataas na bundok. Wala siyang isinama roon maliban kina Pedro, Santiago at Juan. Habang sila'y naroroon, nakita ng tatlo na nagbago ang anyo ni Jesus.

3Nagningning sa kaputian ang kanyang kasuotan; walang sinuman sa mundo ang makapagpapaputi nang gayon.

4At nakita rin nila roon si Elias at si Moises na nakikipag-usap kay Jesus.

5Sinabi ni Pedro kay Jesus, "Guro, mabuti po na nandito kami. Magtatayo po kami ng tatlong tolda, isa para sa inyo, isa kay Moises at isa kay Elias."

6Dahil sa kanilang matinding takot, hindi niya alam kung ano ang sasabihin niya.

7Nililiman sila ng makapal na ulap at mula rito'y may isang tinig na nagsabi, "Ito ang pinakamamahal kong Anak. Pakinggan ninyo siya!"

8Biglang tumingin sa paligid ang mga alagad, ngunit wala silang ibang nakita maliban kay Jesus.

9Nang sila'y bumababa na mula sa bundok, mahigpit silang pinagbilinan ni Jesus na huwag sasabihin kaninuman ang kanilang nakita hangga't hindi pa muling nabubuhay ang Anak ng Tao.

10Sinunod nila ang tagubiling ito, ngunit sila'y nagtanungan sa isa't isa kung ano ang kahulugan ng sinabi niyang muling pagkabuhay.

11At tinanong nila si Jesus, "Bakit po sinasabi ng mga tagapagturo ng Kautusan na dapat munang dumating si Elias?"

12Tumugon siya, "Darating nga muna si Elias upang ihanda ang lahat ng bagay. Ngunit bakit sinasabi din sa Kasulatan na ang Anak ng Tao'y hahamakin at magtitiis ng maraming hirap?

13Subalit sinasabi ko sa inyo, dumating na nga si Elias at ginawa sa kanya ng mga tao ang nais nila, ayon sa nasusulat tungkol sa kanya."

### Pinagaling ang Batang Sinasapian ng Masamang Espiritu

(Mt. 17:14-21; Lu. 9:37-43a)

14Nang magbalik sila, naratnan nila ang ibang mga alagad na napapaligiran ng napakaraming tao gayundin ng mga tagapagturo ng Kautusan na nakikipagtalo sa kanila.

15Nang makita si Jesus ng mga tao, nagulat sila at patakbo nilang sinalubong at binati siya.

16Tinanong ni Jesus ang kanyang mga alagad, "Ano ang inyong pinagtatalunan?"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Sumagot ang isa mula sa karamihan, “Guro, dinala ko po rito sa inyo ang aking anak na lalaki dahil siya'y sinasapian ng masamang espiritu at hindi makapagsalita.

18Tuwing siya'y sinasapian nito, siya'y ibinubuwal; bumubula ang kanyang bibig, nagngangalit ang kanyang mga ngipin, at siya'y naninigas. Hiniling ko po sa inyong mga alagad na palayasin nila ang masamang espiritu ngunit hindi nila ito mapalayas.”

19Sinabi ni Jesus sa kanila, “Lahing walang pananampalataya! Hanggang kailan pa ba ako mananatiling kasama ninyo? Hanggang kailan ko kayo pagtitiisan? Dalhin ninyo rito ang bata!”

20Dinala nga nila ang bata sa kanya. Nang si Jesus ay makita ng espiritu, biglang pinapangisay nito ang bata. Ang bata'y natumba sa lupa at gumulung-gulong na bumubula ang bibig.

21“Kailan pa siya nagkaganyan?” tanong ni Jesus sa ama. “Simula pa po noong maliit siya!” tugon niya.

22“Gusto po siyang patayin ng masamang espiritu. Madalas inihahagis po siya nito sa apoy at itinatapon siya sa tubig. Subalit kung may magagawa kayo, kami po ay kaawaan at tulungan ninyo.”

23“Kung may magagawa ako?” tanong ni Jesus. “Mangyayari ang lahat sa sinumang may pananampalataya.”

24Agad namang sumagot ang ama ng bata, “Naniniwala po ako! Tulungan po ninyo akong madagdagan pa ang aking pananampalataya.”

25Nang makita ni Jesus na dumadami ang mga tao, sinabi niya sa masamang espiritu, “Inuutusan kita, espiritu ng pagkapipi at pagkabingi, lumabas ka sa bata at huwag ka nang babalik sa kanya!”

26Nagsisigaw ang masamang espiritu, pinangisay ang bata at saka lumabas. Nagmistulang bangkay ang bata kaya't sinabi ng marami, “Patay na siya!”

27Ngunit ang bata'y hinawakan ni Jesus sa kamay, ibinangon, at ito'y tumayo.

28Nang pumasok si Jesus sa bahay, palihim siyang tinanong ng kanyang mga alagad, “Bakit po hindi namin napalayas ang masamang espiritung iyon?”

29Sumagot si Jesus, “Mapapalayas lamang ang ganitong uri ng espiritu sa pamamagitan ng panalangin.”

### Muling Binanggit ni Jesus ang Kanyang Pagkamatay at Muling Pagkabuhay

(Mt. 17:22-23; Lu. 9:43b-45)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Pag-alis nila roon, nagdaan sila sa Galilea. Ayaw niyang malaman ng mga tao ang kanyang kinaroroonan,

31dahil tinuturuan niya noon ang kanyang mga alagad na ang Anak ng Tao ay ipagkakanulo sa mga taong papatay sa kanya, ngunit siya'y mabubuhay muli pagkatapos ng tatlong araw.

32Ngunit hindi nila naunawaan ang kanyang sinabi, at natatakot din naman silang magtanong sa kanya.

### Ang Pinakadakila
(Mt. 18:1-5; Lu. 9:46-48)

33Dumating sila sa Capernaum. Nang sila'y nasa bahay na, tinanong ni Jesus ang kanyang mga alagad, "Ano ang pinagtatalunan ninyo sa daan?"

34Hindi sila makasagot sapagkat ang pinagtatalunan nila'y kung sino sa kanila ang pinakadakila.

35Naupo si Jesus, tinawag ang Labindalawa at sinabi sa kanila, "Ang sinumang nagnanais maging una ay dapat maging huli sa lahat, at maging lingkod ng lahat."

36Tinawag niya ang isang bata at pinatayo sa gitna nila. Pagkatapos, kinalong niya ito at sinabi sa kanyang mga alagad,

37"Ang sinumang tumatanggap sa isang batang tulad nito alang-alang sa aking pangalan ay ako ang tinatanggap; at ang sinumang tumatanggap sa akin ay hindi lamang ako ang kanyang tinatanggap kundi pati na rin ang nagsugo sa akin."

### Kapanig Natin ang Hindi Laban sa Atin
(Lu. 9:49-50)

38Sinabi sa kanya ni Juan, "Guro, nakakita po kami ng isang taong nagpapalayas ng mga demonyo sa pamamagitan ng inyong pangalan. Pinagbawalan namin siya dahil hindi natin siya kasamahan."

39Ngunit sinabi ni Jesus, "Huwag ninyo siyang pagbawalan sapagkat ang taong gumagawa ng himala sa pamamagitan ng pangalan ko ay hindi magsasalita ng masama laban sa akin pagkatapos gawin ito.

40Sapagkat ang sinumang hindi laban sa atin ay panig sa atin.

41Tandaan ninyo: ang sinumang magbigay sa inyo ng isang basong tubig dahil sa kayo'y tagasunod ko ay tiyak na tatanggap ng gantimpala."

### Sanhi ng Pagkakasala
(Mt. 18:6-9; Lu. 17:1-2)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[42]“Mabuti pa sa isang tao ang siya'y bitinan sa leeg ng isang malaking gilingang-bato at itapon sa dagat kaysa maging sanhi ng pagkakasala ng isa sa maliliit na ito na nananalig [sa akin.]

[43]Kung ang kamay mo ang nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, putulin mo ito! Mas mabuti pa ang pumasok sa buhay na walang hanggan na putol ang isang kamay, kaysa may dalawang kamay na mapunta ka sa impiyerno, sa
apoy na hindi namamatay. [[44]Doo'y hindi namamatay ang mga uod na
kumakain sa kanila at ang apoy.]

[45]Kung ang paa mo ang nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, putulin mo ito! Mabuti pa ang pumasok sa buhay na walang hanggan na putol ang isang
paa, kaysa may dalawang paa na mapunta ka sa impiyerno. [[46]Doo'y hindi
namamatay ang mga uod na kumakain sa kanila at ang apoy.]

[47]At kung ang isang mata mo ay nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, dukitin mo ito! Mabuti pang pumasok ka sa kaharian ng Diyos na iisa lang ang mata, kaysa may dalawang mata ngunit itatapon ka naman sa impiyerno.

[48]Doo'y hindi namamatay ang mga uod na kumakain sa kanila, at ang apoy ay hindi napapatay.

[49]“Sapagkat ang bawat isa'y dadalisayin sa apoy [at ang bawat handog sa Diyos ay lalagyan ng asin.]

[50]Mabuti ang asin, ngunit kung ang asin ay mawalan na ng alat, paano pa ito mapapaalat muli? Taglayin ninyo ang katangian ng asin, at mamuhay kayong may kapayapaan sa isa't isa.”

## Marcos 10

### Ang Katuruan ni Jesus tungkol sa Paghihiwalay ng Mag-asawa

(Mt. 19:1-12; Lu. 16:18)

[1]Pag-alis doon, si Jesus ay nagpunta sa lupain ng Judea at tumawid sa ibayo ng Ilog Jordan. Muling dumagsa ang maraming tao at tulad ng kanyang palaging ginagawa, sila'y kanyang tinuruan.

[2]May ilang Pariseong gustong subukin si Jesus; kaya't lumapit sila at nagtanong, “Naaayon po ba sa Kautusan na hiwalayan ng lalaki ang kanyang asawa?”

[3]Sumagot siya, “Ano ba ang utos ni Moises sa inyo?”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Sumagot naman sila, “Ipinahintulot po ni Moises na ang lalaki ay gumawa ng kasulatan ng paghihiwalay bago niya hiwalayan at palayasin ang kanyang asawa.”

5Ngunit sinabi ni Jesus, “Ginawa ni Moises ang utos na iyon dahil sa katigasan ng inyong ulo.

6Subalit simula pa nang likhain ng Diyos ang sanlibutan, nilalang niya ang tao na lalaki at babae.

7‘Dahil dito'y iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina, [magsasama sila ng kanyang asawa]

8at ang dalawa'y magiging isa.’ Hindi na sila dalawa kundi isa.

9Ang pinagsama ng Diyos ay huwag paghiwalayin ng tao.”

10Pagdating sa bahay, ang mga alagad naman ang nagtanong kay Jesus tungkol sa bagay na ito.

11Sinabi niya sa kanila, “Kapag hiniwalayan ng isang lalaki ang kanyang asawa at mag-asawa ng iba, siya ay nagkakasala ng pangangalunya sa kanyang asawa.

12Gayon din naman, ang babaing humiwalay sa kanyang asawa at mag-asawa ng iba ay nagkakasala rin ng pangangalunya.”

### Binasbasan ni Jesus ang Maliliit na Bata

(Mt. 19:13-15; Lu. 18:15-17)

13May mga taong nagdala ng mga bata kay Jesus upang hilinging ipatong niya sa mga ito ang kanyang kamay, ngunit sinaway sila ng mga alagad.

14Nagalit si Jesus nang makita ito at sinabi sa kanila, “Hayaan ninyong lumapit sa akin ang mga bata, at huwag ninyo silang pagbawalan, sapagkat ang mga katulad nila ang mapapabilang sa kaharian ng Diyos.

15Tandaan ninyo: ang sinumang hindi tumatanggap sa kaharian ng Diyos, tulad sa pagtanggap ng isang bata, ay hinding-hindi makakapasok sa kaharian ng Diyos.”

16Kinalong ni Jesus ang mga bata, ipinatong ang kanyang mga kamay sa kanila at binasbasan sila.

### Ang Lalaking Mayaman

(Mt. 19:16-30; Lu. 18:18-30)

17Nang siya'y paalis na, may isang lalaking patakbong lumapit kay Jesus, lumuhod sa harapan niya at nagtanong, “Mabuting Guro, ano po ba ang dapat kong gawin upang makamtan ko ang buhay na walang hanggan?”

18Sumagot si Jesus, “Bakit mo ako tinatawag na mabuti? Walang mabuti kundi ang Diyos lamang.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[19]Alam mo ang mga utos ng Diyos, 'Huwag kang papatay; huwag kang mangangalunya; huwag kang magnanakaw; huwag kang sasaksi nang walang katotohanan; huwag kang mandaraya; igalang mo ang iyong ama at ina.'"

[20]Sumagot ang lalaki, "Guro, mula pa sa aking pagkabata ay tinupad ko na ang lahat ng mga iyan."

[21]Magiliw siyang tiningnan ni Jesus at sinabi, "May isang bagay pa na dapat mong gawin. Ipagbili mo ang iyong mga ari-arian at ipamigay mo sa mahihirap, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit. Pagkatapos, bumalik ka at sumunod ka sa akin."

[22]Nang marinig ito ng lalaki, siya'y nanlumo at malungkot na umalis sapagkat siya'y lubhang napakayaman.

[23]Tiningnan ni Jesus ang mga nasa paligid niya at sinabi sa mga alagad, "Tunay ngang napakahirap para sa mayayaman ang makapasok sa kaharian ng Diyos!"

[24]Nagtaka ang mga alagad sa sinabi niyang ito. Ngunit muling sinabi ni Jesus, "Mga anak, talagang napakahirap [para sa mga mayayaman na] makapasok sa kaharian ng Diyos!

[25]Mas madali pang dumaan ang kamelyo sa butas ng karayom kaysa isang mayaman na pumasok sa kaharian ng Diyos."

[26]Lalong nagtaka ang mga alagad, kaya't nagtanong sila, "Kung gayon, sino pa kaya ang maliligtas?"

[27]Tiningnan sila ni Jesus at sinabi sa kanila, "Hindi ito kayang gawin ng tao, ngunit hindi ito imposible sa Diyos. Sapagkat ang lahat ng bagay ay kayang gawin ng Diyos."

[28]At nagsalita si Pedro, "Tingnan po ninyo, iniwan na namin ang lahat at kami'y sumunod sa inyo."

[29]Sumagot si Jesus, "Tandaan ninyo: ang sinumang nag-iwan ng kanyang tahanan, o mga kapatid, mga magulang, mga anak, mga lupain, dahil sa akin at sa Magandang Balita,

[30]ay tatanggap sa buhay na ito ng isandaang ulit pa ng mga iyon; mga bahay, mga kapatid, mga ina, mga anak, at mga lupain, ngunit may kalakip na pag-uusig. At sa panahong darating, magtatamo siya ng buhay na walang hanggan.

[31]Ngunit maraming nauuna na mahuhuli, at maraming nahúhulí ang mauuna."

**Ang Ikatlong Pagbanggit tungkol sa Kamatayan at Muling Pagkabuhay ni Jesus**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

(Mt. 20:17-19; Lu. 18:31-34)

32Nasa daan sila papuntang Jerusalem. Nauuna sa kanila si Jesus;
nangangamba ang mga alagad at natatakot naman ang ibang mga taong
sumusunod sa kanya. Muling ibinukod ni Jesus ang Labindalawa at sinabi
sa kanila ang mangyayari sa kanya.

33Sabi niya, "Papunta tayo ngayon sa Jerusalem kung saan ang Anak ng
Tao'y ipagkakanulo sa mga punong pari at sa mga tagapagturo ng
Kautusan. Siya'y hahatulan nila ng kamatayan at ibibigay sa mga Hentil.

34Siya ay kanilang hahamakin, duduraan, hahagupitin, at papatayin. Ngunit
pagkaraan ng tatlong araw, siya'y muling mabubuhay."

### Ang Pagiging Dakila

(Mt. 20:20-28)

35Lumapit kay Jesus ang mga anak ni Zebedeo na sina Santiago at Juan.
Sinabi nila, "Guro, may hihilingin po sana kami sa inyo."

36"Ano ang nais ninyo?" tanong ni Jesus.

37Sumagot sila, "Sana po ay makasama kami sa inyong karangalan at
maupo ang isa sa kanan at isa sa kaliwa."

38Ngunit sabi ni Jesus sa kanila, "Hindi ninyo nalalaman ang inyong
hinihingi. Makakaya ba ninyong tiisin ang hirap na aking daranasin?
Makakaya ba ninyo ang bautismong ibabautismo sa akin?"

39"Opo," tugon nila. Sinabi ni Jesus, "Ang kopang aking iinuman ay iinuman
nga ninyo, at babautismuhan nga kayo sa bautismong tatanggapin ko.

40Ngunit hindi ako ang magpapasya kung sino ang mauupo sa aking kanan
at sa aking kaliwa. Ang mga karangalang iyan ay para sa mga pinaglaanan."

41Nang malaman ito ng sampung alagad, nagalit sila sa magkapatid.

42Kaya't pinalapit sila ni Jesus at sinabi, "Alam ninyo na ang mga itinuturing
na pinuno ng mga Hentil ay namumuno bilang mga panginoon sa kanila, at
ang kagustuhan ng mga nasa kapangyarihan ang siyang nasusunod.

43Ngunit hindi ganyan ang dapat umiral sa inyo. Sa halip, ang sinuman sa
inyo na nais maging dakila ay dapat maging lingkod ninyo,

44at ang sinumang nais maging pinuno ay dapat maging alipin ng lahat.

45Sapagkat ang Anak ng Tao ay naparito hindi upang paglingkuran kundi
upang maglingkod at upang mag-alay ng kanyang buhay para sa ikatutubos
ng marami."

### Pinagaling si Bartimeo

(Mt. 20:29-34; Lu. 18:35-43)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

46Dumating sina Jesus sa Jerico. Nang papaalis na siya kasama ang kanyang mga alagad at marami pang iba, may nadaanan silang isang bulag na nakaupo sa tabi ng daan at namamalimos. Siya'y si Bartimeo na anak ni Timeo.

47Nang marinig ng bulag na ang nagdaraan ay si Jesus na taga-Nazaret, sumigaw siya nang sumigaw, "Jesus, Anak ni David, mahabag po kayo sa akin!"

48Pinagsabihan siya ng mga taong naroroon upang tumahimik, ngunit lalo pa siyang nagsisigaw, "Anak ni David, mahabag po kayo sa akin!"

49Tumigil si Jesus at kanyang sinabi, "Dalhin ninyo siya rito." At tinawag nga nila ang bulag. "Lakasan mo ang iyong loob. Tumayo ka. Ipinapatawag ka ni Jesus," sabi nila.

50Inihagis niya ang kanyang balabal, paluksong tumayo at lumapit kay Jesus.

51"Ano ang gusto mong gawin ko para sa iyo?" tanong sa kanya ni Jesus. Sumagot ang bulag, "Guro, gusto ko pong makakitang muli."

52Sinabi ni Jesus, "Makakaalis ka na. Magaling ka na dahil sa iyong pananampalataya." Noon di'y nakakita siyang muli, at sumunod kay Jesus.

## Marcos 11

### Ang Matagumpay na Pagpasok sa Jerusalem

(Mt. 21:1-11; Lu. 19:28-40; Jn. 12:12-19)

1Narating nina Jesus ang mga bayan ng Bethfage at Bethania, malapit sa may Bundok ng mga Olibo. Nang papalapit na sila sa Jerusalem, pinauna ni Jesus ang dalawa sa mga alagad

2at sinabi sa kanila, "Pumunta kayo sa susunod na nayon. Pagpasok na pagpasok, makikita ninyo ang isang batang asno na hindi pa nasasakyan ninuman. Kalagan ninyo iyon at dalhin dito.

3Kapag may nagtanong kung bakit ninyo kinakalagan iyon, sabihin ninyong iyon ay kailangan ng Panginoon at ibabalik din niya agad."

4Kaya't lumakad ang dalawang alagad at nakita nga nila ang batang asno sa tabi ng daan, nakatali ito sa may pinto ng isang bahay. Nang kinakalagan na nila ang hayop,

5tinanong sila ng ilang nakatayo roon, "Bakit ninyo kinakalagan iyan?"

6Sumagot sila gaya ng bilin ni Jesus, at hinayaan na silang umalis.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Dinala nila kay Jesus ang batang asno. Matapos isapin sa likod nito ang kanilang mga balabal ay sumakay si Jesus.

8Marami ang naglatag ng kanilang mga balabal sa daan, samantalang ang iba nama'y pumutol ng madahong sanga ng kahoy at iyon ang kanilang inilatag sa daan.

9Ang mga tao sa unahan at sa hulihan ni Jesus ay sumisigaw ng ganito, "Purihin ang Diyos! Pinagpala ang dumarating sa pangalan ng Panginoon!

10Pagpalain ang malapit nang itatatag na kaharian ng ating amang si David! Purihin ang Panginoon sa Kataas-taasan!"

11Pumunta si Jesus sa Jerusalem at pumasok sa Templo at tiningnan niya ang lahat ng bagay doon. At dahil gumagabi na, lumabas siya at nagbalik sa Bethania na kasama ang Labindalawa.

### Sinumpa ang Puno ng Igos
(Mt. 21:18-19)

12Kinabukasan, nang pabalik na sila mula sa Bethania, si Jesus ay nakaramdam ng gutom.

13Nakita niya sa di-kalayuan ang isang malagong puno ng igos. Nilapitan niya ito upang tingnan kung may bunga. Dahil hindi pa panahon ng igos noon, wala siyang nakita kundi mga dahon lamang.

14Kaya't sinabi niya sa puno ng igos, "Wala nang makakakain pa ng iyong bunga." Ang sinabi niyang iyon ay narinig ng kanyang mga alagad.

### Pinalayas ang mga Nangangalakal sa Templo
(Mt. 21:12-17; Lu. 19:45-48; Jn. 2:13-22)

15Pagdating nila sa Jerusalem, si Jesus ay pumasok sa Templo. Ipinagtabuyan niya ang mga nagbebenta at namimili roon, at ipinagtataob niya ang mga mesa ng mga namamalit ng salapi at ang mga upuan ng mga nagtitinda ng kalapati.

16Pinagbawalan din niyang tumawid sa patyo ng Templo ang mga may dalang paninda

17at tinuruan niya ang mga tao nang ganito, "Nasusulat, 'Ang aking tahanan ay tatawaging bahay-dalanginan ng lahat ng bansa.' Ngunit ginawa ninyo itong lungga ng mga magnanakaw!"

18Narinig ito ng mga punong pari at ng mga tagapagturo ng Kautusan. Buhat noo'y humanap na sila ng paraan upang patayin si Jesus. Subalit natatakot sila sa kanya dahil humahanga ang lahat sa kanyang mga turo.

19Pagsapit ng gabi, si Jesus at ang kanyang mga alagad ay muling lumabas ng lungsod.

### Ang Aral Mula sa Puno ng Igos

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

(Mt. 21:20-22)

20Kinaumagahan, pagdaan nila'y nakita nilang natuyo ang puno ng igos hanggang sa mga ugat nito.

21Naalala ni Pedro ang nangyari dito kaya't kanyang sinabi kay Jesus, "Guro, tingnan ninyo! Patay na ang puno ng igos na isinumpa ninyo."

22Sumagot si Jesus, "Manalig kayo sa Diyos.

23Tandaan ninyo ito: kung kayo'y nananampalataya sa Diyos at hindi kayo nag-aalinlangan, maaari ninyong sabihin sa bundok na ito, 'Umalis ka riyan at tumalon ka sa dagat,' at ito nga ay mangyayari.

24Kaya't sinasabi ko sa inyo, anuman ang hingin ninyo sa inyong panalangin, maniwala kayong natanggap na ninyo iyon, at matatanggap nga ninyo iyon.

25Kapag kayo'y tumayo upang manalangin, patawarin muna ninyo ang nagkasala sa inyo upang ang inyong mga kasalanan ay patawarin din ng
inyong Ama na nasa langit. [26Ngunit kung hindi kayo magpapatawad, hindi
rin naman kayo patatawarin ng inyong Ama na nasa langit.]"

**Pag-aalinlangan tungkol sa Karapatan ni Jesus**
(Mt. 21:23-27; Lu. 20:1-8)

27Muli silang pumasok sa Jerusalem. Habang si Jesus ay naglalakad sa patyo ng Templo, nilapitan siya ng mga punong pari, ng mga tagapagturo ng Kautusan at ng mga pinuno ng bayan.

28Siya'y tinanong nila, "Ano ang karapatan mong gumawa ng mga bagay na ito? Sino ang nagbigay sa iyo ng ganyang karapatan?"

29Sumagot si Jesus, "Tatanungin ko kayo. Sagutin ninyo ito at sasabihin ko sa inyo kung kanino galing ang karapatan kong gumawa ng mga bagay na ito.

30Sabihin ninyo sa akin, kanino galing ang karapatan ni Juan na magbautismo: sa Diyos ba o sa mga tao?"

31At sila'y nag-usap-usap, "Kung sasabihin nating galing sa Diyos, itatanong naman niya sa atin kung bakit hindi natin pinaniwalaan si Juan.

32Ngunit kung sasabihin naman nating galing sa tao, baka kung ano naman ang gawin sa atin ng mga tao." Nangangamba sila sapagkat naniniwala ang marami na si Juan ay isang tunay na propeta.

33Kaya't ganito ang kanilang isinagot: "Hindi namin alam." "Kung gayon, hindi ko rin sasabihin sa inyo kung kanino galing ang karapatan kong gawin ang mga ito," tugon ni Jesus sa kanila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Marcos 12

### Ang Talinghaga tungkol sa mga Masasamang Magsasaka

(Mt. 21:33-46; Lu. 20:9-19)

1 At tinuruan ni Jesus ang mga tao sa pamamagitan ng mga talinghaga. Sinabi niya, “May isang taong nagtanim ng ubas sa kanyang bukid. Pinabakuran niya ang ubasan, nagpagawa ng pisaan ng ubas at nagpatayo ng isang tore. Pagkatapos, pinaupahan niya ang ubasan sa mga magsasaka at siya'y nagpunta sa ibang lupain.

2 Nang dumating ang panahon ng pag-aani ng ubas, pinapunta niya ang isang alipin upang kunin sa mga magsasaka ang kanyang bahagi.

3 Ngunit sinunggaban ng mga magsasaka ang utusan, binugbog at saka pinauwing walang dala.

4 Muling nagsugo ang may-ari ng isa pang alipin, ngunit ito ay hinampas sa ulo at nilait-lait ng mga magsasaka.

5 Nagsugo na naman ang may-ari ng isa pang alipin ngunit pinatay naman nila ito. Ganoon din ang ginawa nila sa marami pang iba, may binugbog at may pinatay.

6 Hindi nagtagal, iisa na lang ang natitirang maaaring papuntahin ng may-ari, ang kanyang minamahal na anak. Kaya't pinapunta niya ito sa pag-aakalang igagalang nila ang kanyang anak.

7 Ngunit nag-usap-usap ang mga magsasaka, ‘Iyan ang tagapagmana. Halikayo, patayin natin siya upang mapasaatin lahat ng kanyang mamanahin.’

8 Kaya't sinunggaban nila at pinatay ito, at pagkatapos ay itinapon ang kanyang bangkay sa labas ng ubasan.

9 “Ano kaya ang gagawin ng may-ari ng ubasan? Pupuntahan niya at papatayin ang mga magsasakang iyon, at ang ubasan ay ipapamahala niya sa iba.

10 Hindi ba ninyo nabasa ang sinasabi sa kasulatan? ‘Ang batong itinakwil ng mga tagapagtayo ng bahay ang siyang naging batong-panulukan.

11 Ito'y ginawa ng Panginoon, at kahanga-hangang pagmasdan.’”

12 Nang mahalata ng mga pinuno ng mga Judio na sila ang tinutukoy ni Jesus sa mga talinghagang iyon, tinangka nilang dakpin siya. Subalit hindi nila ito magawa sapagkat natatakot sila sa mga tao. Kaya't umalis na lamang sila at iniwan si Jesus.

### Ang Pagbabayad ng Buwis

(Mt. 22:15-22; Lu. 20:20-26)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Ilang Pariseo at ilan sa mga tagasunod ni Herodes ang pinapunta kay Jesus upang siluin siya sa kanyang pananalita.

14Kaya lumapit sila sa kanya at sinabi, “Guro, nalalaman po naming kayo'y tapat at walang kinikilingan. Pantay-pantay ang pagtingin ninyo sa lahat ng tao at itinuturo ninyo ang tunay na kalooban ng Diyos para sa tao. Nais po naming itanong kung labag sa Kautusan ang magbayad ng buwis sa Emperador. Dapat po ba kaming magbayad ng buwis o hindi?”

15Alam ni Jesus na sila'y nagkukunwari lamang, kaya sinabi niya sa kanila, “Bakit ba ninyo ako sinusubok? Bigyan ninyo ako ng isang salaping pilak.”

16At siya nga ay binigyan nila ng salaping pilak. “Kaninong larawan at pangalan ang nakaukit dito?” tanong ni Jesus sa kanila. “Sa Emperador po,” tugon nila.

17Sinabi ni Jesus, “Ibigay ninyo sa Emperador ang para sa Emperador, at sa Diyos ang para sa Diyos.” At sila'y labis na namangha sa kanya.

### Ang Tanong tungkol sa Muling Pagkabuhay

(Mt. 22:23-33; Lu. 20:27-40)

18May ilang Saduseo na lumapit kay Jesus upang magtanong. Ang mga ito ay nagtuturo na hindi muling mabubuhay ang mga patay. Sinabi nila,

19“Guro, isinulat po ni Moises para sa atin, ‘Kapag namatay ang isang lalaki at naiwang walang anak ang kanyang asawa, ang kapatid ng lalaki ay dapat pakasal sa biyuda upang magkaanak sila para sa namatay.’

20Mayroon pong pitong magkakapatid na lalaki. Nag-asawa ang panganay, subalit siya'y namatay na walang anak.

21Pinakasalan ng pangalawang kapatid ang biyuda subalit namatay rin ang lalaki na walang anak. Ganoon din ang nangyari sa pangatlo.

22Isa-isang napangasawa ng babae ang pitong magkakapatid at silang lahat ay namatay na walang anak. Sa kahuli-huliha'y ang babae naman ang namatay.

23[Kapag binuhay na muli ang mga patay] sa araw ng muling pagkabuhay, sino po ba sa pitong magkakapatid ang kikilalaning asawa ng babaing iyon, sapagkat silang lahat ay napangasawa niya?”

24Sumagot si Jesus, “Maling-mali kayo dahil hindi ninyo nauunawaan ang itinuturo ng Kasulatan at ang kapangyarihan ng Diyos.

25Sa muling pagkabuhay, ang mga tao'y hindi na mag-aasawa; sila'y magiging katulad na ng mga anghel sa langit.

26Tungkol naman sa muling pagkabuhay, hindi ba ninyo nabasa sa aklat ni Moises, sa kasaysayan ng nagliliyab na mababang puno, ang sinabi ng

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Diyos sa kanya? Ito ang sinabi niya, 'Ako ang Diyos ni Abraham, Diyos ni Isaac, at Diyos ni Jacob.'

27Ang Diyos ay hindi Diyos ng mga patay; siya ang Diyos ng mga buháy. Talagang maling-mali kayo!"

### Ang Dalawang Pinakamahalagang Utos

(Mt. 22:34-40; Lu. 10:25-28)

28Ang kanilang pagtatalo ay narinig ng isa sa mga tagapagturo ng Kautusan na naroon. Nakita niyang mahusay ang pagkasagot ni Jesus sa mga Saduseo kaya siya naman ang lumapit upang magtanong, "Alin po ba ang pinakamahalagang utos?"

29Sumagot si Jesus, "Ito ang pinakamahalagang utos: 'Pakinggan mo, Israel! Ang Panginoon na ating Diyos—siya lamang ang Panginoon.

30Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, buong kaluluwa mo, buong pag-iisip mo at buong lakas mo.'

31Ito naman ang pangalawa, 'Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.' Wala nang ibang utos na hihigit pa sa mga ito."

32Wika ng tagapagturo ng Kautusan, "Tama po, Guro! Totoo ang sinabi ninyo. Iisa nga ang Diyos at wala nang iba liban sa kanya.

33At higit na mahalaga ang umibig sa kanya nang buong puso, buong pag-iisip at buong lakas, at ang umibig sa kapwa gaya ng pag-ibig sa sarili, kaysa magdala ng lahat ng handog na susunugin at iba pang mga alay."

34Nakita ni Jesus na maganda ang sagot nito kaya't sinabi niya, "Hindi ka na nalalayo sa kaharian ng Diyos." At mula noon ay wala nang nangahas na magtanong kay Jesus.

### Ang Tanong ni Jesus tungkol sa Anak ni David

(Mt. 22:41-46; Lu. 20:41-44)

35Habang si Jesus ay nagtuturo sa Templo, sinabi niya, "Bakit sinasabi ng mga tagapagturo ng Kautusan na ang Cristo ay anak ni David?

36Hindi ba't si David na rin ang nagpahayag ng ganito nang siya'y gabayan ng Espiritu Santo: "Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon, 'Maupo ka sa kanan ko, hanggang lubusan kong mapasuko sa iyo ang mga kaaway mo.'"

37Si David na rin ang tumawag sa kanya ng Panginoon; paano siya magiging anak ni David?"

### Babala Laban sa mga Tagapagturo ng Kautusan

(Mt. 23:1-36; Lu. 20:45-47)

Napakaraming tao ang malugod na nakikinig sa kanya.

38Sa kanyang pagtuturo, sinabi ni Jesus, "Mag-ingat kayo sa mga tagapagturo ng Kautusan na mahilig magpalakad-lakad na suot ang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

kanilang mahahabang damit at gustung-gustong binabati nang may paggalang sa mga pamilihan.

39Ang gusto nila ay ang mga natatanging upuan sa mga sinagoga at ang mga upuang pandangal sa mga handaan.

40Inuubos nila ang kabuhayan ng mga biyuda at ang mahahaba nilang dasal ay mga pagkukunwari lamang. Dahil diyan, mas mabigat na parusa ang igagawad sa kanila."

### Ang Kaloob ng Biyuda

(Lu. 21:1-4)

41Naupo si Jesus sa tapat ng hulugan ng mga kaloob sa Templo, at pinagmasdan ang mga naghuhulog ng salapi. Napansin niyang maraming mayayaman ang naghuhulog ng malalaking halaga.

42Lumapit naman ang isang biyudang dukha at naghulog ng dalawang salaping tanso.

43Tinawag ni Jesus ang kanyang mga alagad at sinabi sa kanila, "Sinasabi ko sa inyo, ang inihandog ng biyudang iyon ay higit na marami kaysa sa inihulog nilang lahat.

44Sapagkat ang lahat ay nagkaloob ng bahagi lamang ng kanilang kayamanan, ngunit ang ibinigay ng babaing iyon, bagama't siya'y dukha, ay ang buo niyang ikinabubuhay."

## Marcos 13

### Tungkol sa Pagkawasak ng Templo

(Mt. 24:1-2; Lu. 21:5-6)

1Nang palabas na si Jesus sa Templo, sinabi sa kanya ng isa sa kanyang mga alagad, "Guro, tingnan po ninyo! Napakalaki at napakaganda ng mga gusali at ng mga batong ginamit dito!"

2Sumagot si Jesus, "Nakikita mo ba ang naglalakihang gusaling iyan? Walang batong magkapatong na matitira diyan. Magigiba lahat iyan."

### Mga Kahirapan at Pag-uusig na Darating

(Mt. 24:3-14; Lu. 21:7-19)

3Habang nakaupo si Jesus sa Bundok ng mga Olibo, sa may tapat ng Templo, palihim siyang tinanong nina Pedro, Santiago, Juan at Andres,

4"Kailan po ba mangyayari ang mga bagay na ito, at ano po ba ang palatandaan na ang lahat ng mga ito'y malapit nang maganap?"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Sinabi sa kanila ni Jesus, “Mag-ingat kayo upang hindi kayo malinlang ninuman.

6Maraming darating at gagamitin ang aking pangalan. Sila ay magpapanggap na sila ang Cristo, at ililigaw nila ang marami.

7Huwag kayong mababagabag kung makabalita kayo ng mga digmaan at mga usap-usapan tungkol sa digmaan. Dapat mangyari ang mga ito, ngunit hindi pa ito ang wakas.

8Sapagkat maglalaban-laban ang mga bansa at ang mga kaharian. Lilindol sa iba't ibang dako, at magkakaroon ng mga taggutom. Ang mga ito'y pasimula pa lamang ng paghihirap na tulad ng nararanasan ng isang nanganganak.

9“Mag-ingat kayo! Sapagkat kayo'y darakpin at isasakdal sa mga Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio, hahagupitin sa mga sinagoga, at dadalhin kayo sa mga gobernador at mga hari nang dahil sa inyong pagsunod sa akin, upang magpatotoo sa kanila.

10Ngunit kailangan munang maipangaral sa lahat ng bansa ang Magandang Balita.

11Kapag kayo'y dinakip nila at nilitis, huwag kayong mabahala kung ano ang sasabihin ninyo. Sa oras na iyon, sabihin ninyo ang mga salitang ibibigay sa inyo, sapagkat hindi kayo ang magsasalita, kundi ang Espiritu Santo.

12Ipagkakanulo ng kapatid ang kanyang sariling kapatid upang ipapatay, gayundin ang gagawin ng ama sa kanyang anak, at lalabanan naman ng mga anak ang kanilang mga magulang at ipapapatay ang mga ito.

13Kapopootan kayo ng lahat dahil sa pagsunod sa akin, ngunit ang manatiling matatag hanggang sa wakas ang siyang maliligtas.”

### Ang Kasuklam-suklam na Kalapastanganan

(Mt. 24:15-28; Lu. 21:20-24)

14“Kapag nakita na ninyo ang kasuklam-suklam na kalapastanganan na nasa dakong di dapat kalagyan (unawain ito ng nagbabasa), ang mga nasa Judea ay dapat nang tumakas papuntang kabundukan.

15Ang nasa bubungan ay huwag nang mag-aksaya ng panahon na kumuha pa ng kahit ano sa loob ng bahay,

16at ang nasa bukid ay huwag nang umuwi pa upang kumuha ng balabal.

17Sa mga araw na iyon, kawawa ang mga nagdadalang-tao at mga nagpapasuso!

18Ipanalangin ninyong huwag mangyari ang mga ito sa panahon ng taglamig,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19sapagkat sa mga araw na iyon ang mga tao'y magdaranas ng matinding kapighatian na hindi pa nararanasan mula nang likhain ng Diyos ang sanlibutan, at hindi na muling mararanasan pa kahit kailan.

20At kung hindi pinaikli ng Panginoon ang mga araw na iyon, walang sinumang makakaligtas; subalit alang-alang sa kanyang mga hinirang, pinaikli niya ang mga iyon.

21“Kung may magsabi sa inyo, ‘Narito ang Cristo!’ o kaya'y ‘Naroon siya!’ huwag kayong maniniwala.

22Sapagkat may mga magpapanggap na Cristo at may mga magpapanggap na propeta. Magpapakita sila ng mga himala at mga kababalaghan upang iligaw, kung maaari, maging ang mga hinirang ng Diyos.

23Kaya't mag-ingat kayo. Sinasabi ko na sa inyo ang lahat ng bagay bago pa man ito mangyari.”

### Ang Pagbabalik ng Anak ng Tao

(Mt. 24:29-31; Lu. 21:25-28)

24“Subalit sa mga araw na iyon, pagkatapos ng kapighatiang iyon, magdidilim ang araw, hindi magliliwanag ang buwan,

25malalaglag mula sa langit ang mga bituin, at magugulo ang mga kapangyarihan sa kalawakan.

26Pagkatapos, makikita nila ang Anak ng Tao na nasa ulap, may dakilang kapangyarihan at karangalan.

27Susuguin niya ang kanyang mga anghel sa apat na sulok ng daigdig upang tipunin ng mga ito ang mga hinirang ng Diyos.”

### Ang Aral mula sa Puno ng Igos

(Mt. 24:32-35; Lu. 21:29-33)

28“Unawain ninyo ang aral mula sa puno ng igos; kapag sumisibol na ang mga sanga nito at nagkakadahon na, alam ninyong malapit na ang tag-araw.

29Gayundin naman, kapag nakita ninyong nangyayari na ang mga bagay na ito, malalaman ninyong malapit na ang kanyang pagdating; siya'y halos naririto na.

30Tandaan ninyo: magaganap ang lahat ng ito bago lumipas ang kasalukuyang salinlahi.

31Lilipas ang langit at ang lupa, ngunit ang aking mga salita ay mananatili magpakailanman.”

### Walang Nakakaalam ng Araw o Oras

(Mt. 24:36-44)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

32“Ngunit walang nakakaalam ng araw o ng oras na iyon, kahit ang mga anghel sa langit, o ang Anak man. Ang Ama lamang ang nakakaalam nito.

33Mag-ingat kayo at maging handa dahil hindi ninyo alam kung kailan ito mangyayari.

34Ang katulad nito'y isang taong maglalakbay sa malayo. Iniwan niya ang kanyang tahanan sa pamamahala ng kanyang mga alipin. Binigyan niya ang bawat isa ng kanya-kanyang gawain, at inutusan niya ang tanod na magbantay.

35Gayundin naman, magbantay kayong lagi dahil hindi ninyo alam kung kailan darating ang panginoon ng sambahayan. Ito'y maaaring sa takipsilim, sa hatinggabi, sa madaling-araw, o kaya'y sa umaga.

36Baka siya'y biglang dumating at maratnan kayong natutulog.

37Ang sinasabi ko sa inyo'y sinasabi ko sa lahat. Maging handa kayo!”

## Marcos 14

### Ang Masamang Balak Laban kay Jesus

(Mt. 26:1-5; Lu. 22:1-2; Jn. 11:45-53)

1Dalawang araw na lamang at Pista na ng Paskwa at ng Tinapay na Walang Pampaalsa. Ang mga punong pari at mga tagapagturo ng Kautusan ay patuloy na naghahanap ng paraan upang maipadakip si Jesus nang palihim at maipapatay.

2“Huwag sa kapistahan at baka magkagulo ang mga tao,” sabi nila.

### Binuhusan ng Pabango si Jesus

(Mt. 26:6-13; Jn. 12:1-8)

3Nasa Bethania noon si Jesus, sa bahay ni Simon na may ketong. Habang siya'y kumakain, dumating ang isang babaing may dalang isang sisidlang alabastro na puno ng napakamahal na pabango mula sa katas ng purong nardo. Binasag niya ang sisidlan at ibinuhos ang pabango sa ulo ni Jesus.

4Nagalit ang ilang naroroon at sila'y nag-usap-usap, “Bakit niya inaksaya ang pabango?

5Maaaring ipagbili iyon nang mahigit sa tatlong daang salaping pilak at maibigay sa mga dukha ang pinagbilhan!” At pinagalitan nila ang babae.

6Ngunit sinabi naman ni Jesus, “Bakit ninyo siya ginugulo? Pabayaan ninyo siya! Isang mabuting bagay ang ginawa niyang ito sa akin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[7]Sapagkat habang panaho'y kasama ninyo ang mga dukha, at anumang oras ninyong naisin ay makakagawa kayo sa kanila ng mabuti. Ngunit ako'y hindi ninyo kasama habang panahon.

[8]Ginawa niya ang kanyang makakaya; hindi pa ma'y binuhusan na niya ng pabango ang aking katawan bilang paghahanda sa paglilibing sa akin.

[9]Tandaan ninyo, saanman sa buong mundo ipangaral ang Magandang Balita, ang ginawa ng babaing ito ay ipahahayag bilang pag-alaala sa kanya."

**Nakipagsabwatan si Judas**

(Mt. 26:14-16; Lu. 22:3-6)

[10]Si Judas Iscariote, na kabilang sa Labindalawa, ay pumunta sa mga punong pari upang ipagkanulo si Jesus.

[11]Natuwa sila nang marinig nila ang alok ni Judas at nangakong bibigyan siya ng salapi. Mula noo'y humanap na si Judas ng pagkakataong maipagkanulo si Jesus.

**Ang Huling Hapunan**

(Mt. 26:17-25; Lu. 22:7-14, 21-23; Jn. 13:21-30)

[12]Unang araw noon ng Pista ng Tinapay na Walang Pampaalsa, araw ng paghahain ng korderong pampaskwa. Tinanong si Jesus ng kanyang mga alagad, "Saan po ninyo nais na maghanda kami ng hapunang pampaskwa?"

[13]Inutusan niya ang dalawa sa kanyang mga alagad, "Pumunta kayo sa bayan at may masasalubong kayong isang lalaking may dalang banga ng tubig. Sundan ninyo siya

[14]sa bahay na kanyang papasukan at sabihin ninyo sa may-ari, 'Ipinapatanong po ng Guro kung mayroon kayong silid na maaaring magamit niya at ng kanyang mga alagad para sa hapunang pampaskwa.'

[15]At ituturo niya sa inyo ang isang malaking silid sa itaas na mayroon nang kagamitan. Doon kayo maghanda para sa atin."

[16]Nagpunta nga sa bayan ang mga alagad at natagpuan nila roon ang lahat, gaya ng sinabi ni Jesus sa kanila. At inihanda nila ang hapunang pampaskwa.

[17]Kinagabihan, dumating si Jesus na kasama ang Labindalawa.

[18]Habang sila'y kumakain, sinabi ni Jesus, "Tandaan ninyo ito: isa sa inyo na kasalo ko ngayon ay magkakanulo sa akin."

[19]Nalungkot ang mga alagad, at ang bawat isa ay nagtanong sa kanya, "Hindi ako iyon, di po ba, Panginoon?"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

20Sumagot siya, “Isa siya sa inyong labindalawa, na kasabay ko sa pagsawsaw ng tinapay sa mangkok.

21Papanaw ang Anak ng Tao ayon sa nasusulat tungkol sa kanya, subalit kahabag-habag ang taong magkakanulo sa kanya! Mabuti pa sa taong iyon ang hindi na siya ipinanganak.”

### Ang Banal na Hapunan ng Panginoon

(Mt. 26:26-30; Lu. 22:14-20; 1 Cor. 11:23-25)

22Habang kumakain sila, si Jesus ay dumampot ng tinapay at nagpasalamat sa Diyos. Pagkatapos, kanyang pinaghati-hati ang tinapay at iniabot sa mga alagad. Sinabi niya, “Kunin ninyo ito; ito ang aking katawan.”

23Dumampot din siya ng kopa at matapos magpasalamat sa Diyos ay iniabot din niya iyon sa mga alagad, at uminom silang lahat.

24Sinabi niya, “Ito ang aking dugo; pinapagtibay nito ang tipan ng Diyos. Ang aking dugo ay mabubuhos para sa marami.

25Tandaan ninyo: hinding-hindi na ako muling iinom pa ng katas ng ubas hanggang sa araw na inumin kong panibago sa kaharian ng Diyos.”

26Umawit sila ng isang himno, at pagkatapos ay nagpunta sila sa Bundok ng mga Olibo.

### Ipagkakaila ni Pedro si Jesus

(Mt. 26:31-35; Lu. 22:31-34; Jn. 13:36-38)

27Sinabi ni Jesus sa kanila, “Ako'y iiwan ninyong lahat, sapagkat sinasabi sa kasulatan, ‘Papatayin ko ang pastol at magkakawatak-watak ang mga tupa.’

28Ngunit pagkatapos na ako'y muling buhayin, mauuna ako sa inyo sa Galilea.”

29Sumagot si Pedro, “Kahit na po kayo iwan ng lahat, hindi ko kayo iiwan.”

30Sabi ni Jesus sa kanya, “Tandaan mo, sa gabi ring ito, bago tumilaok ang manok nang makalawa, tatlong beses mo akong ikakaila.”

31Subalit lalong ipinagdiinan ni Pedro, “Kahit ako'y pataying kasama ninyo, hindi ko kayo ikakaila.” Ganoon din ang sinabi ng lahat.

### Ang Panalangin sa Getsemani

(Mt. 26:36-46; Lu. 22:39-46)

32Dumating sila sa isang lugar na tinatawag na Getsemani. Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Maupo muna kayo rito habang ako'y nananalangin.”

33At isinama niya sina Pedro, Santiago at Juan. Nagsimulang mabagabag at maghirap ang kanyang kalooban.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

34Sinabi niya sa kanila, “Ang puso ko'y labis na nalulungkot at ako'y halos mamatay na! Maghintay kayo rito at magbantay.”

35Lumayo siya nang kaunti, at pagkatapos ay nagpatirapa upang manalangin na kung maaari'y huwag nang sumapit sa kanya ang oras ng paghihirap.

36Nanalangin siya, “Ama ko, Ama ko! Magagawa mo ang lahat ng bagay. Alisin mo sa akin ang paghihirap na ito, ngunit hindi ang kalooban ko kundi ang kalooban mo ang masunod.”

37Nagbalik siya at dinatnan niyang natutulog ang tatlong alagad. Sinabi niya kay Pedro, “Natutulog ka ba, Simon? Hindi ka ba makapagbantay kahit isang oras man lamang?

38Magbantay kayo at manalangin upang huwag kayong madaig ng tukso. Ang espiritu'y nakahanda ngunit ang laman ay mahina.”

39Muling lumayo si Jesus upang manalangin at inulit niya ang kanyang kahilingan.

40Nagbalik siyang muli sa kanyang mga alagad, at sila'y naratnan niyang natutulog dahil sila'y antok na antok. At hindi nila malaman kung ano ang kanilang isasagot sa kanya.

41Sa ikatlo niyang pagbabalik ay sinabi niya sa kanila, “Natutulog pa ba kayo at namamahinga? Tama na, sapagkat dumating na ang oras upang ang Anak ng Tao'y ibigay sa kamay ng mga makasalanan.

42Bumangon kayo! Narito na ang magkakanulo sa akin.”

### Ang Pagdakip kay Jesus

(Mt. 26:47-56; Lu. 22:47-53; Jn. 18:3-12)

43Nagsasalita pa si Jesus nang dumating si Judas na kabilang sa Labindalawa. May kasama siyang maraming tao na may mga dalang tabak at pamalo. Sila'y isinugo ng mga punong pari, mga tagapagturo ng Kautusan, at mga pinuno ng bayan.

44Bago pa man dumating, nagbigay na si Judas ng isang hudyat, “Kung sino ang hahalikan ko, siya iyon. Dakpin ninyo siya at bantayang mabuti.”

45Pagdating ni Judas, agad siyang lumapit kay Jesus. “Guro!” ang bati niya, at ito'y kanyang hinalikan.

46Agad ngang sinunggaban at dinakip ng mga tao si Jesus.

47Bumunot ng tabak ang isa sa mga nakatayo roon at tinaga ang alipin ng pinakapunong pari, at natagpas ang tainga niyon.

48Sinabi ni Jesus sa mga tao, “Ako ba'y tulisan at naparito kayong may dalang tabak at pamalo upang ako'y dakpin?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

49Araw-araw akong nagtuturo sa Templo at naroon din kayo, ngunit hindi ninyo ako dinakip. Subalit kailangang matupad ang sinasabi ng Kasulatan!”

50Tumakas ang lahat ng mga alagad at iniwan siya.

51Sinundan si Jesus ng isang binatang walang damit maliban sa balabal niyang lino. Sinunggaban ito ng mga tao

52ngunit iniwan niya ang kanyang balabal at tumakas na hubad.

### Si Jesus sa Harap ng Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio

(Mt. 26:57-68; Lu. 22:54-55, 63-71; Jn. 18:13-14, 19-24)

53Dinala nila si Jesus sa bahay ng pinakapunong pari na kung saan ay nagkakatipon na doon ang lahat ng mga punong pari, mga pinuno ng bayan at mga tagapagturo ng Kautusan.

54Si Pedro'y sumunod kay Jesus, ngunit malayo ang agwat niya sa kanya. Nagtuloy siya hanggang sa patyo ng pinakapunong pari at naupo upang magpainit sa tabi ng apoy. Katabi niya roon ang mga bantay.

55Ang mga punong pari at ang buong Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio ay naghanap ng maipaparatang kay Jesus upang siya'y maipapatay, ngunit wala silang makita.

56Maraming saksi ang nagsabi ng kasinungalingan laban sa kanya, ngunit hindi nagkatugma-tugma ang kanilang mga patotoo.

57May ilang sumaksi ng kasinungalingan laban sa kanya na nagsasabi,

58“Narinig naming sinabi ng taong iyan, ‘Gigibain ko ang Templong ito na gawa ng tao at sa loob ng tatlong araw ay magtatayo ako ng iba na di gawa ng tao.’”

59Ngunit hindi rin nagkatugma-tugma ang kanilang mga patotoo tungkol dito.

60Tumayo ang pinakapunong pari sa harap ng kapulungan at tinanong si Jesus, “Wala ka bang isasagot sa paratang nila sa iyo?”

61Ngunit hindi umimik si Jesus at hindi sumagot ng anuman. Muli siyang tinanong ng pinakapunong pari, “Ikaw nga ba ang Cristo, ang Anak ng Kapuri-puri?”

62Sumagot si Jesus, “Ako nga. Makikita ninyo ang Anak ng Tao na nakaupo sa kanan ng Makapangyarihan at dumarating na nasa mga ulap ng kalangitan.”

63Pinunit ng pinakapunong pari ang kanyang kasuotan at sinabi, “Kailangan pa ba natin ng mga saksi?

64Narinig ninyo ang kanyang paglapastangan sa Diyos! Ano ang inyong pasya?” At nagkaisa silang lahat na hatulan siya ng kamatayan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

65At siya'y sinimulan nilang pahirapan; dinuraan siya ng ilan, piniringan at pinagsusuntok. “Hulaan mo nga, sino ang sumuntok sa iyo?” sabi nila. At siya'y binugbog ng mga bantay.

**Ang Pagkakaila ni Pedro kay Jesus**
(Mt. 26:69-75; Lu. 22:56-62; Jn. 18:15-18, 25-27)

66Samantala, si Pedro naman ay nasa patyo sa ibaba nang lumapit ang isang babaing katulong ng pinakapunong pari.

67Nakita nito si Pedro na nagpapainit sa apoy, pinagmasdang mabuti at pagkatapos ay sinabi, “Kasama ka rin ni Jesus na taga-Nazaret!”

68Ngunit nagkaila si Pedro, “Wala akong nalalaman sa sinasabi mo.” Umalis siya at nagpunta sa labasan [at tumilaok ang manok].

69Nakita na naman siya ng babaing katulong at sinabi sa mga naroon, “Ang taong ito'y isa sa kanila!”

70At muling nagkaila si Pedro. Makalipas ang ilang sandali, sinabi kay Pedro ng mga nakatayo roon, “Talagang isa ka nga sa kanila. Taga-Galilea ka rin, hindi ba?”

71“Parusahan nawa ako ng Diyos kung nagsisinungaling ako! Hindi ko kilala ang taong iyan,” sagot ni Pedro.

72Siya namang pagtilaok muli ng manok. Naalala ni Pedro ang sinabi sa kanya ni Jesus, “Bago tumilaok ang manok nang dalawang beses, tatlong beses mo akong ikakaila.” Nanlumo siya at nanangis.

## Marcos 15

**Sa Harapan ni Pilato**
(Mt. 27:1-2, 11-14; Lu. 23:1-5; Jn. 18:28-38)

1Kinaumagahan, nagpulong agad ang mga punong pari, mga pinuno ng bayan, mga tagapagturo ng Kautusan, at iba pang bumubuo ng Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio. Ipinagapos nila si Jesus, at dinala kay Pilato.

2“Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?” tanong sa kanya ni Pilato. “Ikaw na ang may sabi,” tugon naman ni Jesus.

3Nagharap ng maraming paratang ang mga punong pari laban kay Jesus

4kaya't siya'y muling tinanong ni Pilato, “Wala ka bang isasagot? Narinig mo ang marami nilang paratang laban sa iyo.”

5Ngunit hindi pa rin sumagot si Jesus, kaya't nagtaka si Pilato.

**Hinatulang Mamatay si Jesus**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

(Mt. 27:15-26; Lu. 23:13-25; Jn. 18:39–19:16)

6Tuwing Pista ng Paskwa ay nagpapalaya si Pilato ng isang bilanggo, sinumang hilingin sa kanya ng mga taong-bayan.

7May isang bilanggo noon na ang pangalan ay Barabbas. Kasama siya sa mga nagrebelde, at nakapatay siya noong panahon ng pag-aalsa.

8Nang lumapit ang mga tao kay Pilato upang hilingin sa kanya na gawin niya ang dati niyang ginagawa,

9tinanong sila ni Pilato, "Ibig ba ninyong palayain ko ang Hari ng mga Judio?"

10Sinabi niya ito sapagkat batid ni Pilato na inggit lamang ang nag-udyok sa mga punong pari upang isakdal si Jesus.

11Ngunit sinulsulan ng mga punong pari ang mga tao na si Barabbas ang hilinging palayain.

12Kaya't muli silang tinanong ni Pilato, "Ano naman ang gagawin ko sa taong ito na tinatawag ninyong Hari ng mga Judio?"

13"Ipako siya sa krus!" sigaw ng mga tao.

14"Bakit, ano ba ang kasalanan niya?" tanong ni Pilato. Ngunit lalo pang sumigaw ang mga tao, "Ipako siya sa krus!"

15Sa paghahangad ni Pilato na mapagbigyan ang mga tao, pinalaya niya si Barabbas at si Jesus naman ay kanyang ipinahagupit, at pagkatapos ay ibinigay sa kanila upang ipako sa krus.

### Hinamak ng mga Kawal si Jesus

(Mt. 27:27-31; Jn. 19:2-3)

16Dinala ng mga kawal si Jesus sa bakuran ng palasyo ng gobernador, at kanilang tinipon doon ang buong batalyon.

17Sinuotan nila si Jesus ng balabal na kulay ube. Kumuha sila ng halamang matinik, ginawa iyong korona at ipinutong sa kanya.

18Pagkatapos, sila'y pakutyang nagpugay at bumati sa kanya, "Mabuhay ang Hari ng mga Judio!"

19Siya'y pinaghahampas sa ulo, pinagduduraan at pakutyang niluhud-luhuran.

20Matapos kutyain, hinubad nila sa kanya ang balabal na kulay ube, sinuotan ng sarili niyang damit, at inilabas upang ipako sa krus.

### Ipinako sa Krus si Jesus

(Mt. 27:32-44; Lu. 23:26-43; Jn. 19:17-27)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Nasalubong nila sa daan ang isang lalaking galing sa bukid, si Simon na taga-Cirene na ama nina Alejandro at Rufo. Pilit nilang ipinapasan sa kanya ang krus ni Jesus.

22Kanilang dinala si Jesus sa lugar na tinatawag na Golgotha, na ang ibig sabihi'y “Pook ng Bungo.”

23Siya'y binibigyan nila ng alak na may kahalong mira, ngunit hindi niya ito ininom.

24Ipinako siya sa krus at saka pinaghati-hatian ang kanyang damit sa pamamagitan ng palabunutan.

25Ikasiyam ng umaga nang ipako siya sa krus.

26Isinulat sa itaas ng krus ang paratang laban sa kanya, “Ang Hari ng mga Judio.”

27May dalawang tulisang kasama niyang ipinako sa krus, isa sa kanan at isa
sa kaliwa. [28Sa gayon ay natupad ang sinasabi sa kasulatan, “Ibinilang siya
sa mga kriminal.”]

29Ininsulto siya ng mga nagdaraan at pailing-iling na sinabi, “O ano? Di ba ikaw ang gigiba sa Templo at muling magtatayo nito sa loob ng tatlong araw?

30Bumabâ ka sa krus at iligtas mo ngayon ang iyong sarili!”

31Kinutya rin siya ng mga punong pari at ng mga tagapagturo ng Kautusan. Sabi nila sa isa't isa, “Iniligtas niya ang iba ngunit hindi mailigtas ang sarili!

32Makita lamang nating bumabâ sa krus ang Cristo na iyan na Hari daw ng Israel, maniniwala na tayo sa kanya!” Nilait din siya ng mga nakapakong kasama niya.

### Ang Pagkamatay ni Jesus

(Mt. 27:45-56; Lu. 23:44-49; Jn. 19:28-30)

33Nagdilim sa buong lupain mula sa tanghaling tapat hanggang sa ikatlo ng hapon.

34Nang ikatlo na ng hapon, sumigaw si Jesus, “*Eloi, Eloi, lema sabachthani?*” na ang kahulugan ay, “Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?”

35Narinig ito ng ilan sa mga nakatayo roon at kanilang sinabi, “Pakinggan ninyo, tinatawag niya si Elias!”

36May tumakbo upang kumuha ng isang espongha; ito'y isinawsaw sa maasim na alak, inilagay sa dulo ng isang patpat at ipinasipsip kay Jesus. “Tingnan nga natin kung darating si Elias upang iligtas siya,” sabi niya.

37Sumigaw nang malakas si Jesus at pagkatapos ay nalagutan ng hininga.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

38At napunit sa gitna ang tabing ng Templo, mula sa itaas hanggang sa ibaba.

39Nakatayo sa harap ng krus ang opisyal ng mga kawal. Nang makita kung paano namatay si Jesus, sinabi niya, “Tunay ngang Anak ng Diyos ang taong ito!”

40Naroon din ang ilang babaing nakatanaw mula sa malayo. Kabilang sa kanila si Maria Magdalena, si Salome, at si Maria na ina ng nakababatang si Santiago at ni Jose.

41Mula pa sa Galilea ay sumusunod na sila at naglilingkod kay Jesus. Naroon din ang iba pang mga babaing kasama ni Jesus na pumunta sa Jerusalem.

### Ang Paglilibing kay Jesus

(Mt. 27:57-61; Lu. 23:50-56; Jn. 19:38-42)

42-43Nang dumidilim na, dumating si Jose na taga-Arimatea, isang iginagalang na kasapi ng Kapulungan. Siya rin ay naghihintay sa pagdating ng kaharian ng Diyos. Dahil iyon ay Araw ng Paghahanda, o bisperas ng Araw ng Pamamahinga, naglakas-loob siyang lumapit kay Pilato upang hingin ang bangkay ni Jesus.

44Nagtaka si Pilato nang marinig niyang patay na si Jesus kaya't ipinatawag niya ang opisyal at tinanong kung matagal na siyang namatay.

45Nang malaman niya sa kapitan na talagang patay na si Jesus, pumayag siyang kunin ni Jose ang bangkay.

46Ibinabâ mula sa krus ang bangkay ni Jesus at binalot sa telang lino na binili ni Jose. Pagkatapos, ang bangkay ay inilagay sa isang libingang hinukay sa bato, at iginulong ni Jose ang isang malaking bato sa pintuan ng libingan.

47Nagmamasid naman sina Maria Magdalena at Maria na ina ni Jose, at nakita nila kung saan inilibing si Jesus.

## Marcos 16

### Ang Muling Pagkabuhay ni Jesus

(Mt. 28:1-8; Lu. 24:1-12; Jn. 20:1-10)

1Pagkaraan ng Araw ng Pamamahinga, si Maria Magdalena, si Maria na ina ni Santiago at si Salome ay bumili ng pabango upang sila ay magpunta sa libingan at lagyan ng pabango ang bangkay ni Jesus.

2Kinaumagahan ng Linggo, sa pagsikat ng araw, sila'y nagpunta sa libingan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Ngunit sila ay nagtanong sa isa't isa, “Sino kaya ang maaari nating mapakiusapang maggulong ng batong nakatakip sa pintuan ng libingan?”

4Nasabi nila iyon dahil napakalaki ng bato. Ngunit nang matanaw nila ito, nakita nilang naigulong na ang bato.

5At pagpasok nila sa libingan, may nakita silang isang binatang nakasuot ng mahaba at maputing damit, at nakaupo sa gawing kanan. At sila'y natakot.

6Ngunit sinabi nito sa kanila, “Huwag kayong matakot. Hinahanap ninyo si Jesus na taga-Nazaret na ipinako sa krus. Wala na siya rito; siya'y binuhay ng Diyos! Tingnan ninyo ang pinaglagyan sa kanya.

7Bumalik kayo at sabihin ninyo sa kanyang mga alagad at kay Pedro, ‘Mauuna siya sa inyo sa Galilea. Makikita ninyo siya roon, gaya ng sinabi niya sa inyo.’”

8Lumabas sila ng libingan at patakbong umalis na nanginginig at litung-lito. At dahil sa matinding takot, wala silang sinabi kaninuman.

## ANG MAHABANG PAGWAWAKAS NG MAGANDANG BALITA AYON KAY MARCOS

### Nagpakita si Jesus kay Maria Magdalena

(Mt. 28:9-10; Jn. 20:11-18)

[9Maagang-maaga ng unang araw ng linggo, matapos na siya'y muling mabuhay, si Jesus ay unang nagpakita kay Maria Magdalena. Pitong demonyo ang pinalayas ni Jesus mula sa kanya.

10Nagpunta si Maria Magdalena sa mga tagasunod ni Jesus upang ibalita sa mga ito ang kanyang nakita. Sila noon ay kasalukuyang nagluluksa at umiiyak.

11Ngunit ayaw nilang maniwala nang sabihin ni Maria na si Jesus ay buháy at nakita niya.

### Nagpakita si Jesus sa Dalawang Alagad

(Lu. 24:13-35)

12Pagkatapos, nagpakita rin si Jesus sa dalawang alagad na naglalakad papuntang bukid, subalit iba ang kanyang anyo noon.

13Bumalik agad sila at ibinalita sa kanilang mga kasamahan ang nangyari, ngunit ayaw din silang paniwalaan ng mga ito.

### Pinagalitan ni Jesus ang Labing-isa

(Mt. 28:16-20; Lu. 24:36-49; Jn. 20:19-23; Gw. 1:6-8)

14Pagkatapos, nagpakita si Jesus sa labing-isang alagad habang kumakain ang mga ito. Sila ay pinagalitan niya dahil sa hindi nila pananalig sa kanya at dahil sa katigasan ng kanilang ulo, dahil ayaw nilang maniwala sa mga nakakita sa kanya pagkatapos na siya'y muling mabuhay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15At sinabi ni Jesus sa kanila, “Humayo kayo sa buong mundo at ipangaral ang Magandang Balita sa lahat ng tao.

16Ang sinumang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas, ngunit ang ayaw sumampalataya ay paparusahan.

17Ang mga sumasampalataya ay bibigyan ng kapangyarihang gumawa ng mga himala: sa pangalan ko'y magpapalayas sila ng mga demonyo at magsasalita ng iba't ibang wika.

18Hindi sila mapapahamak kahit dumampot sila ng ahas o makainom ng lason; at gagaling ang mga maysakit na papatungan nila ng kamay.”

### Ang Pag-akyat kay Jesus sa Langit

(Lu. 24:50-53; Gw. 1:9-11)

19Pagkatapos niyang magsalita sa kanila, ang Panginoong Jesus ay iniakyat sa langit at umupo sa kanan ng Diyos.

20Humayo nga at nangaral ang mga alagad sa lahat ng dako. Tinulungan sila ng Panginoon sa gawaing ito. Pinatunayan niyang totoo ang kanilang ipinapangaral sa pamamagitan ng mga himala na ipinagkaloob niya sa kanila.]

## ANG MAIKLING PAGWAWAKAS NG MAGANDANG BALITA AYON KAY MARCOS

[9Pumunta ang mga babae kay Pedro at sa mga kasama niya, at isinalaysay ang lahat ng sinabi ng binatang nasa libingan.

10Pagkatapos, isinugo ni Jesus ang kanyang mga alagad upang ipangaral sa lahat ng dako ng daigdig ang banal at di lilipas na balita ng walang hanggang kaligtasan.]

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Lucas

## Lucas 1

### Paghahandog

1Kagalang-galang na Teofilo, marami na po ang nagsikap na sumulat tungkol sa mga bagay na naganap sa kalagitnaan namin.

2Ang kanilang isinulat ay ayon sa itinuro sa amin ng mga taong buhat pa sa simula ay mga saksi at mga tagapangaral ng Salita ng Diyos.

3Kaya't matapos kong suriin nang buong ingat ang lahat ng pangyayari buhat pa sa pasimula, minabuti ko pong sumulat din ng isang maayos na salaysay para sa inyo

4upang lubusan ninyong matiyak ang katotohanan ng mga itinuro sa inyo.

### Ang Pahayag tungkol sa Pagsilang ni Juan na Tagapagbautismo

5Noong panahong si Herodes ang hari ng Judea, may isang paring Judio na kabilang sa pangkat ni Abias na ang pangala'y Zacarias. Ang kanyang asawang si Elizabeth ay mula naman sa angkan ni Aaron.

6Kapwa sila kalugud-lugod sa paningin ng Diyos at namumuhay nang tapat sa mga utos at tuntunin ng Panginoon.

7Wala silang anak dahil baog si Elizabeth at kapwa sila matanda na.

8Isang araw, nanunungkulan ang pangkat na kinabibilangan ni Zacarias at ginagampanan niya ang kanyang tungkulin sa harapan ng Diyos bilang isang pari.

9Nang sila'y magpalabunutan, ayon sa kaugalian ng mga paring Judio, siya ang napiling magsunog ng insenso. Pumasok siya sa Templo ng Panginoon sa oras ng pagsusunog ng insenso,

10habang nagkakatipon naman sa labas ang mga tao at nananalangin.

11Nagpakita sa kanya doon ang isang anghel ng Panginoon na nakatayo sa gawing kanan ng altar na sunugan ng insenso.

12Nasindak si Zacarias at natakot nang makita niya ito.

13Ngunit sinabi ng anghel sa kanya, “Huwag kang matakot, Zacarias! Dininig ng Diyos ang iyong panalangin. Ang iyong asawang si Elizabeth ay magkakaanak ng isang lalaki, at Juan ang ipapangalan mo sa bata.

14Ikaw ay matutuwa at magiging maligaya. Marami ang magagalak sa kanyang pagsilang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15sapagkat siya'y magiging dakila sa paningin ng Panginoon. Hindi siya dapat uminom ng alak o anumang inuming nakakalasing. Sa sinapupunan pa lamang ng kanyang ina ay mapupuspos na siya ng Espiritu Santo.

16Sa pamamagitan niya'y maraming Israelita ang magbabalik-loob sa kanilang Panginoong Diyos.

17Mauuna siya sa Panginoon na taglay ang espiritu at kapangyarihan ni Elias upang pagkasunduin ang mga ama at ang kanilang mga anak, at panumbalikin ang mga suwail sa karunungan ng mga matuwid. Sa gayon, ipaghahanda niya ng isang bayan ang Panginoon."

18Sinabi ni Zacarias sa anghel, "Paano ko matitiyak na mangyayari iyan? Ako'y matanda na at gayundin ang aking asawa."

19Sumagot ang anghel, "Ako'y si Gabriel na nakatayo sa harapan ng Diyos. Isinugo niya ako upang dalhin sa iyo ang magandang balitang ito.

20Ngunit dahil sa hindi ka naniwala sa mga sinasabi kong matutupad pagdating ng takdang panahon, ikaw ay magiging pipi. Hindi ka makakapagsalita hanggang sa araw na maganap ang mga ito."

21Samantala, naghihintay naman kay Zacarias ang mga tao. Nagtataka sila kung bakit nagtagal siya nang ganoon sa loob ng Templo.

22Paglabas niya, hindi na siya makapagsalita, kaya't mga senyas na lamang ang ginagamit niya. Napag-isip-isip ng mga tao na baka nakakita siya ng pangitain sa loob ng Templo. Si Zacarias ay nanatiling pipi.

23Nang matapos na ang panahon ng kanyang paglilingkod ay umuwi na siya.

24Hindi nga nagtagal at naglihi si Elizabeth. Hindi ito lumabas ng bahay sa loob ng limang buwan.

25Sinabi ni Elizabeth, "Ngayo'y kinahahabagan ako ng Panginoon. Ginawa niya ito upang alisin ang aking kahihiyan sa harap ng mga tao!"

**Ipinahayag ang Pagsilang ni Jesus**

26Nang ikaanim na buwan ng pagdadalang-tao ni Elizabeth, ang anghel na si Gabriel ay isinugo ng Diyos sa Nazaret na isang bayan sa Galilea, upang kausapin ang

27isang dalaga na ang pangala'y Maria. Siya ay nakatakda nang ikasal kay Jose, isang lalaking buhat sa angkan ni David.

28Lumapit ang anghel sa dalaga at binati ito, "Magalak ka! Ikaw ay lubos na kinalulugdan ng Diyos. Sumasaiyo ang Panginoon!"

29Naguluhan si Maria sa sinabi ng anghel at inisip niyang mabuti kung ano ang kahulugan ng ganoong pagbati.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Sinabi sa kanya ng anghel, “Huwag kang matakot, Maria, sapagkat naging kalugud-lugod ka sa Diyos.

31Makinig ka! Ikaw ay maglilihi at manganganak ng isang sanggol na lalaki, at siya'y papangalanan mong Jesus.

32Siya'y magiging dakila at tatawaging Anak ng Kataas-taasang Diyos. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang amang si David upang

33maghari sa angkan ni Jacob magpakailanman. Ang kanyang paghahari ay walang katapusan.”

34“Paano pong mangyayari ito gayong ako'y isang birhen?” tanong ni Maria.

35Sumagot ang anghel, “Sasaiyo ang Espiritu Santo at mapapasailalim ka sa kapangyarihan ng Kataas-taasang Diyos. Dahil dito, ang isisilang mo'y banal at tatawaging Anak ng Diyos.

36Hindi ba't ang kamag-anak mong si Elizabeth ay baog? Gayunma'y naglihi siya at ngayo'y ikaanim na buwan na ng kanyang pagdadalang-tao kahit na siya'y matanda na,

37sapagkat walang anumang bagay na hindi kayang gawin ng Diyos.”

38Sumagot si Maria, “Ako'y alipin ng Panginoon. Mangyari nawa sa akin ang iyong sinabi.” Pagkatapos, umalis na ang anghel.

**Ang Pagdalaw ni Maria kay Elizabeth**

39Hindi nagtagal at si Maria'y nagmamadaling pumunta sa isang bayan sa bulubundukin ng Juda.

40Pagdating sa bahay ni Zacarias, binati niya si Elizabeth.

41Nang marinig ni Elizabeth ang pagbati ni Maria, biglang gumalaw ang sanggol sa kanyang sinapupunan at siya ay napuspos ng Espiritu Santo.

42Napasigaw siya sa galak, “Pinagpala ka sa mga babae, at pinagpala rin ang dinadala mo sa iyong sinapupunan!

43Sino ako upang dalawin ng ina ng aking Panginoon?

44Sapagkat pagkarinig ko ng iyong pagbati ay gumalaw sa tuwa ang sanggol sa aking sinapupunan.

45Pinagpala ka, sapagkat sumampalataya kang matutupad ang ipinasabi sa iyo ng Panginoon!”

**Ang Awit ng Pagpupuri ni Maria**

46At sinabi ni Maria, “Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,

47at ang aking espiritu'y nagagalak sa Diyos na aking Tagapagligtas,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

48sapagkat nilingap niya akong kanyang abang alipin! Mula ngayon, ang lahat ng tao'y tatawagin akong pinagpala;

49dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan. Banal ang kanyang pangalan!

50Ang kanyang kahabagan ay para sa lahat ng salinlahing may takot sa kanya.

51Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig, nilito niya ang mga may palalong isip.

52Tinanggal sa kanilang luklukan ang mga may kapangyarihan, at itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

53Pinasagana niya sa mabubuting bagay ang mga kapus-palad, at pinaalis nang walang dalang anuman ang mga mayayaman.

54Tinulungan niya ang Israel na kanyang lingkod, at hindi niya kinalimutang kahabagan ito.

55Tulad ng kanyang ipinangako sa ating mga ninuno, kay Abraham at sa lahi nito, magpakailanman!”

56Nanatili si Maria kina Elizabeth nang may tatlong buwan bago siya umuwi.

**Isinilang si Juan na Tagapagbautismo**

57Dumating ang oras ng panganganak ni Elizabeth at nagsilang siya ng isang sanggol na lalaki.

58Nang mabalitaan ng kanyang mga kapitbahay at mga kamag-anak na siya'y labis na pinagpala ng Panginoon, nakigalak sila sa kanya.

59Makalipas ang isang linggo, dumalo sila sa pagtutuli ng sanggol. Zacarias sana ang itatawag nila sa bata, gaya ng pangalan ng kanyang ama,

60ngunit sinabi ni Elizabeth, “Hindi! Juan ang ipapangalan sa kanya.”

61“Subalit wala naman kayong kamag-anak na may ganyang pangalan,” tugon nila.

62Sinenyasan nila ang kanyang ama upang itanong kung ano ang ibig nitong itawag sa sanggol.

63Humingi si Zacarias ng masusulatan at ganito ang kanyang isinulat, “Juan ang pangalan niya.” Namangha ang lahat.

64Noon din ay nakapagsalita si Zacarias, at siya'y nagpuri sa Diyos.

65Natakot ang lahat ng tagaroon, at naging usap-usapan sa buong bulubundukin ng Judea ang mga bagay na iyon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

66Pinag-isipan ito ng mga nakabalita, anupa't naging tanong nilang lahat, “Magiging ano kaya ang batang ito?” Sapagkat nasa kanya ang kapangyarihan ng Panginoon.

**Ang Awit ni Zacarias**

67Si Zacarias na ama ng bata ay napuspos ng Espiritu Santo, at nagpahayag ng mensahe mula sa Diyos:

68“Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel! Tinulungan niya at pinalaya ang kanyang bayan.

69Nagsugo siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas, mula sa angkan ni David na kanyang lingkod.

70Ito'y ayon sa ipinangako niya noong una sa pamamagitan ng kanyang mga banal na propeta,

71na ililigtas niya tayo mula sa ating mga kaaway, mula sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

72Ipinangako niyang kahahabagan ang ating mga ninuno, at aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

73Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham,

74na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway, upang tayo'y makapaglingkod sa kanya nang walang takot,

75at maging banal at matuwid sa kanyang paningin habang tayo'y nabubuhay.

76Ikaw, anak ko, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasang Diyos; sapagkat mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang daraanan,

77at upang ipaalam sa kanyang bayan ang kanilang kaligtasan, ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

78Mapagmahal at mahabagin ang ating Diyos. Magbubukang-liwayway na sa atin ang araw ng kaligtasan.

79Tatanglawan niya ang mga nasa kadiliman at nasa lilim ng kamatayan, at papatnubayan tayo sa daan ng kapayapaan.”

80Lumaki ang bata at naging malakas ang kanyang espiritu. Siya'y nanirahan sa ilang, hanggang sa araw na nakilala siya ng bansang Israel.

## Lucas 2

**Ang Pagsilang ni Jesus**
(Mt. 1:18-25)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Nang panahong iyon, iniutos ni Emperador Augusto na magkaroon ng sensus sa lahat ng nasasakupan ng Imperyo ng Roma.

2Ang unang sensus na ito ay ginawa noong si Cirenio ang gobernador ng Siria.

3Kaya't umuwi ang mga tao sa sarili nilang bayan upang magpatala.

4Mula sa Nazaret, isang lungsod sa Galilea, si Jose ay pumunta sa Judea, sa Bethlehem na bayang sinilangan ni Haring David, sapagkat siya'y mula sa angkan ni David.

5Kasama rin niyang umuwi upang magpatala si Maria na kanyang magiging asawa, na noon ay nagdadalang-tao.

6Habang sila'y nasa Bethlehem, sumapit ang oras ng panganganak ni Maria.

7Isinilang niya ang kanyang panganay, na isang lalaki. Binalot niya sa lampin ang sanggol at inihiga sa isang sabsaban, sapagkat wala nang lugar para sa kanila sa bahay-panuluyan.

**Ang mga Pastol at ang mga Anghel**

8Doon ay may mga pastol na nasa parang at nagbabantay ng kanilang mga tupa nang gabing iyon.

9At tumayo sa harapan nila ang isang anghel ng Panginoon at nagliwanag sa kapaligiran nila ang kaluwalhatian ng Panginoon. Ganoon na lamang ang kanilang pagkatakot.

10Ngunit sinabi sa kanila ng anghel, “Huwag kayong matakot! Ako'y may dalang magandang balita para sa inyo na magdudulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao.

11Isinilang sa inyo ngayon sa bayan ni David ang Tagapagligtas, ang Cristong Panginoon.

12Ito ang inyong palatandaan: matatagpuan ninyo ang isang sanggol na nababalot ng lampin at nakahiga sa isang sabsaban.”

13Biglang lumitaw kasama ng anghel ang isang malaking hukbo ng mga anghel sa kalangitan. Sila'y nagpupuri sa Diyos at umaawit,

14“Papuri sa Diyos sa kaitaasan, at sa lupa ay kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya!”

15Nang makaalis na ang mga anghel pabalik sa langit, ang mga pastol ay nag-usap-usap, “Tayo na sa Bethlehem! Tingnan natin ang pangyayaring ito na ibinalita sa atin ng Panginoon.”

16Nagmamadali silang pumunta roon at natagpuan nila sina Maria at Jose, at naroon ang sanggol na nakahiga sa sabsaban.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Nang makita ng mga pastol ang sanggol, isinalaysay nila ang sinabi ng anghel tungkol dito.

18Namangha ang lahat ng nakarinig sa sinabi ng mga pastol.

19Tinandaan ni Maria ang mga bagay na ito, at ito'y kanyang pinagbulay-bulayan.

20Umalis ang mga pastol na nagpupuri sa Diyos at nagpapahayag ng kanyang kadakilaan dahil sa lahat ng narinig nila at nakita, ayon sa sinabi sa kanila ng anghel.

**Pinangalanan si Jesus**

21Pagsapit ng ikawalong araw, tinuli ang bata at pinangalanang Jesus. Ito ang pangalang sinabi ng anghel bago pa siya ipaglihi.

**Dinala si Jesus sa Templo**

22Nang sumapit ang araw ng kanilang pagtupad sa seremonya ng paglilinis ayon sa Kautusan ni Moises, pumunta sila sa Jerusalem. Dinala nila ang sanggol upang iharap sa Panginoon,

23sapagkat ganito ang nasusulat sa Kautusan ng Panginoon, “Bawat panganay na lalaki ay itatalaga sa Panginoon.”

24Nag-alay din sila ng handog ayon sa nakasaad sa Kautusan ng Panginoon: magkapares na ibong batu-bato, o kaya'y dalawang inakay na kalapati.

25May isang tao noon sa Jerusalem na ang pangala'y Simeon, isang lalaking matuwid, may takot sa Diyos at naghihintay sa katubusan ng Israel. Nasa kanya ang Espiritu Santo.

26Ipinahayag ng Espiritu Santo sa kanya na hindi siya mamamatay hangga't hindi niya nakikita ang Cristo na ipinangako ng Panginoon.

27Sa patnubay ng Espiritu, si Simeon ay pumasok sa Templo. At nang dalhin doon nina Jose at Maria ang sanggol na si Jesus upang tuparin ang ayon sa itinatakda ng Kautusan,

28kinarga ni Simeon ang sanggol. Pagkatapos, nagpuri siya sa Diyos,

29“Ngayon, Panginoon, maaari na pong yumaong mapayapa ang inyong abang alipin ayon sa inyong pangako.

30Yamang nakita na po ng aking mga mata ang inyong pagliligtas,

31na inyong inihanda sa harapan ng lahat ng bansa.

32Ito po ay liwanag na tatanglaw sa mga Hentil at magbibigay-dangal sa inyong bansang Israel.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

33Namangha ang mga magulang ng sanggol dahil sa sinabi ni Simeon tungkol sa bata.

34Binasbasan sila ni Simeon, at sinabi kay Maria, "Tandaan mo, ang batang ito'y nakatalaga sa ikapapahamak o ikaliligtas ng marami sa Israel. Siya ang magiging tanda mula sa Diyos ngunit tutuligsain siya ng marami,

35kaya't mahahayag ang kanilang iniisip. Dahil dito, magdaranas ka ng matinding kapighatiang parang isang patalim na itinarak sa iyong puso."

36Naroon din sa Templo ang isang propetang babae na ang pangalan ay Ana, anak ni Fanuel at mula sa lipi ni Asher. Siya'y napakatanda na. Pitong taon lamang silang nagsama ng kanyang asawa,

37at ngayo'y walumpu't apat na taon na siyang biyuda. Lagi siya sa Templo at araw-gabi'y sumasamba sa Diyos sa pamamagitan ng pag-aayuno at pananalangin.

38Nang oras na iyon, lumapit siya kina Jose at Maria at nagpasalamat sa Diyos. Nagsalita rin siya tungkol sa sanggol sa lahat ng naghihintay sa pagpapalaya ng Diyos sa Jerusalem.

**Ang Pagbalik sa Nazaret**

39Nang maisagawa na nila ang lahat ng ayon sa itinatakda ng kautusan ng Panginoon, umuwi na sila sa bayan ng Nazaret sa Galilea.

40Ang bata'y lumaking malusog, puspos ng karunungan, at kalugud-lugod sa Diyos.

**Ang Batang si Jesus sa Loob ng Templo**

41Taun-taon, tuwing Pista ng Paskwa, ang mga magulang ni Jesus ay pumupunta sa Jerusalem.

42Nang siya'y labindalawang taon na, dumalo sila sa pista, ayon sa kanilang kaugalian.

43Sila'y umuwi na pagkatapos ng pista. Ang batang si Jesus ay nagpaiwan sa Jerusalem ngunit hindi ito napansin ng kanyang mga magulang.

44Sa pag-aakalang siya ay kasama ng pangkat, nagpatuloy sila sa maghapong paglalakbay. Pagkatapos, siya ay hinanap nila sa kanilang mga kamag-anak at mga kakilala, ngunit

45hindi nila natagpuan si Jesus. Kaya't bumalik sila sa Jerusalem upang doon maghanap.

46Pagkalipas ng tatlong araw, si Jesus ay natagpuan nila sa loob ng Templo. Siya'y nakaupong kasama ng mga guro. Nakikinig siya at nagtatanong sa kanila,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

47at ang lahat ng nakakarinig sa kanya ay hangang-hanga sa kanyang pang-unawa at mga sagot.

48Namangha rin ang kanyang mga magulang nang siya'y makita. Sinabi ng kanyang ina, “Anak, bakit mo naman ginawa ito sa amin? Lubha ang aming pag-aalala ng iyong ama sa paghahanap sa iyo.”

49Sumagot si Jesus, “Bakit po ninyo ako hinahanap? Hindi po ba ninyo alam na ako'y dapat mamalagi sa bahay ng aking Ama?”

50Ngunit hindi nila naunawaan ang sinabi niyang ito.

51Siya'y sumama sa kanila pauwi sa Nazaret, at siya'y naging masunurin sa kanila. Ang lahat ng bagay na ito ay iningatan ng kanyang ina sa kanyang puso.

52Patuloy na lumaki si Jesus sa pangangatawan, lumawak ang kanyang karunungan at lalong naging kalugud-lugod sa Diyos at sa mga tao.

## Lucas 3

### Ang Pangangaral ni Juan na Tagapagbautismo

(Mt. 3:1-12; Mc. 1:1-8; Jn. 1:19-28)

1Ikalabinlimang taon noon ng paghahari ni Emperador Tiberio. Si Poncio Pilato ang gobernador sa Judea at si Herodes ang pinuno sa Galilea. Ang kapatid nitong si Felipe ang pinuno sa lupain ng Iturea at Traconite at si Lisanias ang pinuno sa Abilinia.

2Nang sina Anas at Caifas ang mga pinakapunong pari ng mga Judio, si Juan na anak ni Zacarias ay nakatira sa ilang. Ipinahayag ng Diyos ang kanyang salita kay Juan,

3kaya't nilibot niya ang mga lupain sa magkabilang panig ng Jordan. Siya'y nangaral, “Pagsisihan at talikuran ninyo ang inyong mga kasalanan at magpabautismo kayo upang kayo'y patawarin ng Diyos.”

4Sa gayon, natupad ang nakasulat sa aklat ni Propeta Isaias, “Ito ang pahayag ng isang taong sumisigaw sa ilang: ‘Ihanda ninyo ang daraanan ng Panginoon. Gumawa kayo ng mga tuwid na landas na kanyang lalakaran!

5Matatambakan ang bawat libis, at mapapatag ang bawat burol at bundok. Magiging tuwid ang daang liku-liko, at patag ang daang baku-bako.

6At makikita ng lahat ng tao ang pagliligtas na gagawin ng Diyos!’”

7Kaya't sinabi ni Juan sa maraming taong lumapit sa kanya upang magpabautismo, “Kayong lahi ng mga ulupong! Sino ang nagbabala sa inyo upang tumakas sa poot na darating?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Ipakita ninyo sa pamamagitan ng gawa na nagsisisi kayo, at huwag ninyong sabihing mga anak kayo ni Abraham. Sinasabi ko sa inyo, mula sa mga batong ito ay makakalikha ang Diyos ng mga tunay na anak ni Abraham.

9Ngayon pa ma'y nakaamba na ang palakol sa ugat ng mga punongkahoy; ang bawat punong hindi mabuti ang bunga ay puputulin at itatapon sa apoy."

10Tinanong siya ng mga tao, "Kung gayon, ano po ang dapat naming gawin?"

11Sumagot siya sa kanila, "Sinumang mayroong dalawang balabal, ibigay mo ang isa sa wala. Gayon din ang gawin ng sinumang may pagkain."

12Dumating din ang mga maniningil ng buwis upang magpabautismo. Sila'y nagtanong sa kanya, "Guro, ano po ang dapat naming gawin?"

13"Huwag kayong sumingil nang higit sa dapat singilin," tugon niya.

14Tinanong din siya ng mga kawal, "At kami po naman, ano ang dapat naming gawin?" "Huwag kayong kukuha ng pera kaninuman nang sapilitan o sa pamamagitan ng hindi makatuwirang paratang, at masiyahan kayo sa inyong sweldo," sagot niya.

15Nananabik noon ang mga tao sa pagdating ng Cristo, at inakala nilang si Juan mismo ang kanilang hinihintay.

16Dahil dito sinabi niya sa kanila, "Binabautismuhan ko kayo sa pamamagitan ng tubig, ngunit ang darating na kasunod ko ay magbabautismo sa inyo sa pamamagitan ng Espiritu Santo at ng apoy. Siya'y higit na makapangyarihan kaysa akin; ni hindi man lamang ako karapat-dapat na magkalag ng sintas ng kanyang sandalyas.

17Hawak na niya ang kalaykay upang linisin ang giikan at upang tipunin ang trigo sa kanyang kamalig. Ngunit ang ipa'y susunugin niya sa apoy na di mamamatay kailanman."

18Marami pang bagay na ipinapangaral si Juan sa mga tao sa kanyang pamamahayag ng Magandang Balita.

19Si Herodes man na pinuno ng Galilea ay pinagsabihan din ni Juan dahil kinakasama niya ang kanyang hipag na si Herodias at dahil sa iba pang kasamaang ginagawa nito.

20Dahil dito'y ipinabilanggo ni Herodes si Juan, at ito'y nadagdag pa sa mga kasalanan ni Herodes.

**Binautismuhan si Jesus**

(Mt. 3:13-17; Mc. 1:9-11)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Nang mabautismuhan na ni Juan ang mga tao, binautismuhan din niya si
Jesus. Habang nananalangin si Jesus, nabuksan ang langit

22at bumabâ sa kanya ang Espiritu Santo sa anyong kalapati. Isang tinig
mula sa langit ang nagsabi, “Ikaw ang minamahal kong Anak; lubos kitang
kinalulugdan.”

**Ang Talaan ng mga Ninuno ni Jesus**

(Mt. 1:1-17)

23Magtatatlumpung taon na si Jesus nang siya'y magsimulang mangaral.
Ipinapalagay ng mga tao na siya'y anak ni Jose. Si Jose naman ay anak ni
Eli,

24na anak ni Matat. Si Matat ay anak ni Levi na anak ni Melqui, at si Melqui
nama'y anak ni Janai na anak ni Jose.

25Si Jose ay anak ni Matatias na anak ni Amos. Si Amos ay anak ni Nahum
na anak ni Esli. Si Esli ay anak ni Nagai,

26anak ni Maat na anak ni Matatias. Si Matatias ay anak ni Semei na anak
ni Josec. Si Josec ay anak ni Joda

27na anak ni Joanan. At si Joanan ay anak ni Resa na anak ni Zerubabel,
anak ni Salatiel na anak ni Neri.

28Si Neri ay anak ni Melqui na anak ni Adi. Si Adi ay anak ni Cosam na anak
ni Elmadam, na anak ni Er.

29Si Er ay anak ni Josue na anak ni Eliezer, anak ni Jorim na anak ni Matat.
Si Matat ay anak ni Levi

30na anak ni Simeon na anak ni Juda. Si Juda ay anak ni Jose. Si Jose ay
anak ni Jonam na anak ni Eliaquim,

31na anak ni Melea. Si Melea ay anak ni Menna na anak ni Matata, anak ni
Natan na anak ni David.

32Si David ay anak ni Jesse na anak ni Obed, at si Obed ay anak naman ni
Boaz. Si Boaz ay anak ni Salmon na anak ni Naason,

33anak ni Aminadab na anak ni Admin. Si Admin ay anak ni Arni na anak ni
Esrom, na anak ni Fares. Si Fares ay anak ni Juda

34na anak ni Jacob. Si Jacob ay anak ni Isaac na anak ni Abraham. Si
Abraham ay anak ni Terah na anak ni Nahor.

35Si Nahor ay anak ni Serug na anak ni Reu, na anak ni Peleg, at si Peleg
ay anak ni Eber na anak ni Sala.

36Si Sala ay anak ni Cainan na anak ni Arfaxad na anak ni Shem. Si Shem
ay anak ni Noe, anak ni Lamec

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

37na anak ni Matusalem na anak ni Enoc. Si Enoc ay anak ni Jared na anak ni Mahalaleel na anak ni Kenan.

38Si Kenan ay anak ni Enos na anak ni Set. At si Set ay anak ni Adan na anak ng Diyos.

## Lucas 4

### Ang Pagtukso kay Jesus

(Mt. 4:1-11; Mc. 1:12-13)

1Mula sa Jordan, bumalik si Jesus na puspos ng Espiritu Santo. Dinala siya ng Espiritu sa ilang

2at sa loob ng apatnapung araw ay tinukso siya ng diyablo. Hindi siya kumain ng anuman sa buong panahong iyon, kaya't siya'y nagutom.

3Sinabi sa kanya ng diyablo, "Kung ikaw nga ang Anak ng Diyos, iutos mong maging tinapay ang batong ito."

4Ngunit sinagot ito ni Jesus, "Nasusulat, 'Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao [kundi sa bawat salitang nagmumula sa bibig ng Diyos].'"

5Dinala siya ng diyablo sa isang mataas na lugar, at sa isang saglit ay ipinakita sa kanya ang lahat ng kaharian sa daigdig.

6Sinabi ng diyablo, "Ibibigay ko sa iyo ang lahat ng kapangyarihan at kadakilaan ng mga ito. Ipinagkaloob ang lahat ng ito sa akin, at maaari kong ibigay kung kanino ko gusto.

7Kaya't kung ako'y sasambahin mo, magiging iyo na ang lahat ng ito."

8Sumagot si Jesus, "Nasusulat, 'Ang Panginoon mong Diyos ang dapat mong sambahin, at siya lamang ang dapat mong paglingkuran.'"

9Dinala siya ng diyablo sa taluktok ng Templo sa Jerusalem at sinabi sa kanya, "Kung ikaw nga ang Anak ng Diyos, magpatihulog ka

10dahil nasusulat, 'Sa kanyang mga anghel, ika'y ipagbibilin, sila'y uutusan upang ikaw ay ingatan,'

11at 'Aalalayan ka ng kanilang mga kamay, nang sa mga bato, paa mo'y hindi masaktan.'"

12Subalit sinagot siya ni Jesus, "Nasusulat, 'Huwag mong subukin ang Panginoon mong Diyos!'"

13Pagkatapos tuksuhin si Jesus sa lahat ng paraan, umalis na ang diyablo at naghintay ng ibang pagkakataon.

### Ang Pasimula ng Gawain ni Jesus sa Galilea

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

(Mt. 4:12-17; Mc. 1:14-15)

14Bumalik sa Galilea si Jesus taglay ang kapangyarihan ng Espiritu Santo. Napabalita sa mga karatig-bayan ang tungkol sa kanya.

15Nagturo siya sa kanilang mga sinagoga at hinangaan siya ng lahat.

**Hindi Tinanggap si Jesus sa Nazaret**

(Mt. 13:53-58; Mc. 6:1-6)

16Pumunta si Jesus sa Nazaret, ang bayan kung saan siya lumaki. Gaya ng kanyang nakaugalian, pumasok siya sa sinagoga nang Araw ng Pamamahinga. Tumayo siya upang bumasa ng kasulatan,

17at ibinigay sa kanya ang aklat ni Propeta Isaias. Binuksan niya ito sa dakong kinasusulatan ng ganito:

18“Ang Espiritu ng Panginoon ay sumasaakin, sapagkat hinirang niya ako upang ipangaral sa mga mahihirap ang Magandang Balita. Isinugo niya ako upang ipahayag sa mga bihag na sila'y lalaya, at sa mga bulag na sila'y makakakita. Isinugo ako upang palayain ang mga inaapi,

19at upang ipahayag ang panahon ng pagliligtas ng Panginoon.”

20Inirolyo niya ang kasulatan, isinauli sa tagapag-ingat at siya'y naupo. Nakatitig sa kanya ang lahat ng nasa sinagoga,

21at sinabi niya sa kanila, “Ang kasulatang ito na inyong narinig ay natupad ngayon.”

22Pinuri siya ng lahat, at humanga sila sa kanyang napakahusay na pananalita. “Hindi ba ito ang anak ni Jose?” tanong nila.

23Kaya't sinabi ni Jesus, “Tiyak na sasabihin ninyo sa akin ang kasabihang ito, ‘Manggagamot, gamutin mo muna ang iyong sarili!’ Marahil, sasabihin pa ninyo, ‘Gawin mo rin dito sa iyong sariling bayan ang mga nabalitaan naming ginawa mo sa Capernaum.’

24Tandaan ninyo, walang propetang kinikilala sa kanyang sariling bayan.

25Ngunit sinasabi ko sa inyo, maraming biyuda sa Israel noong panahon ni Elias nang hindi umulan sa loob ng tatlo't kalahating taon at nagkaroon ng taggutom sa buong lupain.

26Subalit hindi pinapunta si Elias sa kaninuman sa kanila, kundi sa isang biyuda sa Sarepta, sa lupain ng Sidon.

27Sa dinami-dami ng mga may ketong sa Israel noong panahon ni Eliseo, wala ni isa mang pinagaling at nilinis maliban kay Naaman, na isang taga-Siria.”

28Nagalit ang lahat ng nasa sinagoga nang marinig ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29Nagsitayo sila at itinaboy siyang palabas papunta sa gilid ng bundok na kinatatayuan ng bayan upang ihulog siya sa bangin.

30Ngunit dumaan siya sa kalagitnaan nila at umalis.

### Ang Lalaking Sinasaniban ng Masamang Espiritu

(Mc. 1:21-28)

31Mula roon, si Jesus ay nagpunta sa Capernaum sa Galilea at nagturo sa mga tao nang Araw ng Pamamahinga.

32Namangha sila sa kanyang pagtuturo sapagkat may kapangyarihan ang kanyang pananalita.

33May isang lalaki noon sa sinagoga na sinasapian ng masamang espiritu. Sumigaw ito nang malakas,

34“Ano ang pakialam mo sa amin, Jesus na taga-Nazaret? Naparito ka ba upang puksain kami? Kilala kita. Ikaw ang Banal na mula sa Diyos.”

35Subalit sinaway siya ni Jesus, “Tumahimik ka! Lumabas ka sa taong iyan!” At nang mailugmok ang lalaki sa kanilang kalagitnaan, lumabas ang demonyo sa kanya nang hindi siya sinasaktan.

36Namangha ang lahat ng nakasaksi kaya't nasabi nila sa isa't isa, “Ano ito? Makapangyarihan at mabisa ang kanyang salita! Nauutusan niyang lumayas ang masasamang espiritu, at lumalayas naman sila!”

37At kumalat ang balita tungkol kay Jesus sa buong lupaing iyon.

### Pinagaling ni Jesus ang Maraming Tao

(Mt. 8:14-17; Mc. 1:29-34)

38Si Jesus ay umalis sa sinagoga at nagpunta sa bahay ni Simon. Nagkataong ang biyenan ni Simon ay may mataas na lagnat kaya't nakiusap sila kay Jesus na ito'y pagalingin.

39Tumayo si Jesus sa tabi ng higaan ng babae at iniutos na mawala ang lagnat, at ito'y nawala nga. Kaagad namang tumayo ang babae at naglingkod sa kanila.

40Pagkalubog ng araw, dinala ng mga tao kay Jesus ang lahat ng mga kasamahan nilang maysakit, anuman ang karamdaman ng mga ito. Ipinatong niya ang kanyang kamay sa bawat isa, at silang lahat ay gumaling.

41Lumabas sa marami ang mga demonyo, na sumisigaw, “Ikaw ang Anak ng Diyos!” Ngunit sinaway sila ni Jesus at hindi pinahintulutang magsalita sapagkat alam nila na siya ang Cristo.

### Nangaral si Jesus sa Judea

(Mc. 1:35-39)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

42Nang mag-uumaga na, umalis si Jesus at nagpunta sa isang ilang na pook. Hinanap siya ng mga tao, at nang matagpuan ay pinakiusapang huwag muna siyang umalis.

43Subalit sinabi niya, “Dapat ko ring ipangaral sa ibang mga bayan ang Magandang Balita tungkol sa kaharian ng Diyos, sapagkat ito ang dahilan kaya ako isinugo.”

44At nagpatuloy siya ng pangangaral sa mga sinagoga sa buong Judea.

## Lucas 5

### Ang Pagtawag ni Jesus sa Unang Apat na Alagad

(Mt. 4:18-22; Mc. 1:16-20)

1Minsan, habang nakatayo si Jesus sa tabi ng Lawa ng Genesaret, nagsiksikan ang napakaraming tao sa paglapit sa kanya upang makinig ng salita ng Diyos.

2May nakita siyang dalawang bangka sa baybayin; nililinisan ng mga mangingisda ang kanilang mga lambat at wala sila sa kanilang mga bangka.

3Sumakay siya sa isa sa mga ito na pag-aari ni Simon. Hiniling niya rito na ilayo nang kaunti ang bangka mula sa baybayin. Naupo siya sa bangka at nangaral sa mga tao.

4Pagkatapos niyang mangaral, sinabi niya kay Simon, “Pumalaot kayo at ihulog ang mga lambat upang manghuli.”

5Sumagot si Simon, “Guro, magdamag po kaming nagpagod ngunit wala kaming nahuli! Ngunit dahil sa sinabi ninyo, ihuhulog ko ang mga lambat.”

6Ganoon nga ang ginawa nila, at nakahuli sila ng maraming isda, kaya't halos mapunit ang kanilang mga lambat.

7Kinawayan nila ang kanilang mga kasamahang nasa kabilang bangka upang magpatulong. Lumapit naman ang mga ito at napuno nila ang dalawang bangka, anupa't halos lumubog ang mga ito.

8Nang makita iyon ni Simon Pedro, siya'y lumuhod sa harap ni Jesus at sinabi, “Lumayo kayo sa akin, Panginoon, sapagkat ako'y isang makasalanan.”

9Nanggilalas siya at ang kanyang mga kasama dahil sa dami ng kanilang huli,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10gayundin sina Santiago at Juan na mga anak ni Zebedeo at mga kasosyo ni Simon. Sinabi ni Jesus kay Simon, “Huwag kang matakot. Mula ngayo'y mga tao na, sa halip na mga isda, ang iyong huhulihin.”

11Nang maitabi na nila ang mga bangka sa pampang, iniwan nila ang lahat at sumunod kay Jesus.

### Pinagaling ni Jesus ang Isang Ketongin

(Mt. 8:1-4; Mc. 1:40-45)

12Nang si Jesus ay nasa isang bayan, nakita siya ng isang lalaking ketongin. Nagpatirapa ito at nakiusap, “Panginoon, kung nais po ninyo, ako'y inyong mapapagaling at magagawang malinis.”

13Hinawakan siya ni Jesus at sinabi, “Nais ko. Gumaling ka at luminis!” At noon di'y nawala ang kanyang ketong.

14Pinagbilinan siya ni Jesus, “Huwag mong sasabihin ito kaninuman. Sa halip ay pumunta ka sa pari at magpasuri sa kanya. Pagkatapos, mag-alay ka ng handog ayon sa iniuutos ni Moises bilang patotoo sa mga tao na ikaw nga'y magaling na.”

15Ngunit lalo pang kumalat ang balita tungkol kay Jesus, kaya't dumaragsa ang napakaraming tao upang makinig sa kanya at mapagaling sa kanilang mga sakit.

16Ngunit si Jesus naman ay pumupunta sa mga ilang na lugar upang manalangin.

### Pinagaling ang Isang Paralitiko

(Mt. 9:1-8; Mc. 2:1-12)

17Minsan, habang si Jesus ay nagtuturo, may mga Pariseo at mga tagapagturo ng Kautusan na nakaupo doon. Sila'y galing sa bawat bayan ng Galilea at Judea, at sa Jerusalem. Taglay ni Jesus ang kapangyarihan ng Panginoon upang siya'y magpagaling ng mga maysakit.

18Dumating ang ilang lalaking may dalang isang paralitiko na nakaratay sa higaan. Sinikap nilang makapasok sa bahay upang mailagay ang maysakit sa harapan ni Jesus.

19Ngunit wala silang madaanan dahil sa dami ng tao, kaya't umakyat sila sa bubungan, binakbak ito at ibinabâ sa harapan ni Jesus ang paralitikong nasa higaan.

20Nang makita ni Jesus ang kanilang pananampalataya, sinabi niya sa paralitiko, “Kaibigan, pinapatawad na ang iyong mga kasalanan.”

21Pagkarinig nito'y nag-usap-usap ang mga tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo, “Sino itong nagsasalita ng kalapastanganan sa Diyos? Hindi ba't Diyos lamang ang makakapagpatawad ng mga kasalanan?”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Palibhasa'y alam ni Jesus ang kanilang pag-uusap, sinabi niya sa kanila, "Bakit kayo nag-iisip nang ganyan?

23Alin ba ang mas madaling sabihin, 'Pinapatawad na ang iyong mga kasalanan,' o 'Tumayo ka at lumakad'?

24Ngunit upang malaman ninyo na ang Anak ng Tao ay may kapangyarihang magpatawad ng mga kasalanan dito sa lupa…" sinabi niya sa paralitiko, "Tumayo ka, buhatin mo ang iyong higaan, at umuwi ka na!"

25Agad namang tumayo ang lalaki, at sa harap ng lahat ay binuhat niya ang kanyang higaan at umuwing nagpupuri sa Diyos.

26Nanggilalas ang mga naroroon at nagpuri sila sa Diyos. Sa pagkamangha ay sinabi nila, "Nakakita tayo ngayon ng mga kahanga-hangang bagay!"

### Ang Pagtawag kay Levi

(Mt. 9:9-13; Mc. 2:13-17)

27Pagkatapos nito'y lumabas si Jesus at nakita niya si Levi, isang maniningil ng buwis, na nakaupo sa tanggapan ng buwis. Sinabi sa kanya ni Jesus, "Sumunod ka sa akin."

28Tumayo nga si Levi, iniwan ang lahat, at sumunod kay Jesus.

29Si Jesus ay hinandugan ni Levi ng isang malaking handaan sa kanyang bahay. Kasalo niya roon ang maraming maniningil ng buwis at iba pang mga tao.

30Kaya't nagbulung-bulungan ang mga Pariseo at ang mga kasamahan nilang tagapagturo ng Kautusan. Sinabi nila sa mga alagad ni Jesus, "Bakit kayo kumakain at umiinom na kasalo ng mga maniningil ng buwis at ng mga makasalanan?"

31Sinagot sila ni Jesus, "Hindi nangangailangan ng manggagamot ang walang sakit kundi ang maysakit.

32Hindi ako naparito upang tawagin ang mga matuwid, kundi ang mga makasalanan upang sila'y magsisi."

### Katanungan tungkol sa Pag-aayuno

(Mt. 9:14-17; Mc. 2:18-22)

33May ilan namang nagsabi kay Jesus ng ganito: "Ang mga alagad ni Juan ay malimit mag-ayuno at manalangin, gayundin ang mga alagad ng mga Pariseo. Subalit ang mga alagad mo'y patuloy sa pagkain at pag-inom."

34Sumagot si Jesus, "Hinahayaan ba ninyong hindi kumain ang mga panauhin sa kasalan habang kasama pa nila ang lalaking ikinasal? Di ba hindi?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

35Darating ang araw na kukunin sa kanila ang lalaking ikinasal, at saka sila mag-aayuno."

36Sinabi rin niya sa kanila ang isang talinghaga, "Walang pumipiraso sa bagong damit upang itagpi sa luma. Kapag ganoon ang ginawa, masasayang ang bagong damit at ang tagping mula rito ay hindi naman babagay sa damit na luma.

37Wala ring naglalagay ng bagong alak sa lumang sisidlang-balat. Kapag ganoon ang ginawa, papuputukin ng bagong alak ang lumang sisidlan, matatapon ang alak at masisira ang sisidlan.

38Sa bagong sisidlang-balat dapat ilagay ang bagong alak.

39Kapag nakainom ka na ng lumang alak, hindi mo na gugustuhing uminom ng bagong alak. Ang sasabihin mo, 'Mas masarap ang lumang alak.'"

## Lucas 6

### Katanungan tungkol sa Araw ng Pamamahinga

(Mt. 12:1-8; Mc. 2:23-28)

1Isang Araw ng Pamamahinga, nagdaraan sina Jesus sa isang triguhan. Ang kanyang mga alagad ay pumitas ng mga trigo, kinuskos sa kanilang mga kamay at kanila itong kinain.

2"Bakit kayo gumagawa ng ipinagbabawal ng Kautusan sa Araw ng Pamamahinga?" tanong ng ilang Pariseo.

3Sinagot sila ni Jesus, "Hindi ba ninyo nabasa ang ginawa ni David nang minsang magutom sila ng kanyang mga kasama?

4Di ba't pumasok siya sa bahay ng Diyos at kumain ng tinapay na handog, na bawal kainin ninuman maliban sa mga pari lamang? Binigyan pa niya ang kanyang mga kasama."

5At sinabi pa ni Jesus, "Ang Anak ng Tao ay Panginoon ng Araw ng Pamamahinga."

### Ang Taong Paralisado ang Kamay

(Mt. 12:9-14; Mc. 3:1-6)

6Noong isa pang Araw ng Pamamahinga, pumasok si Jesus sa sinagoga at nagturo. Doon ay may isang lalaking paralisado ang kanang kamay.

7Sa hangad ng mga tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo na magkaroon ng maipaparatang kay Jesus, binantayan nila si Jesus upang tingnan kung siya'y magpapagaling ng maysakit sa Araw ng Pamamahinga.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Subalit alam ni Jesus ang kanilang iniisip kaya't sinabi niya sa lalaking paralisado ang kamay, “Halika, tumayo ka rito.” Lumapit ang lalaki at tumayo nga roon.

9Pagkatapos, sinabi ni Jesus sa mga tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo, “Tatanungin ko kayo. Alin ba ang naaayon sa Kautusan, ang gumawa ng mabuti o ang gumawa ng masama sa Araw ng Pamamahinga? Ang magligtas ng buhay o ang pumatay?”

10Tiningnan niyang isa-isa ang mga taong nakapaligid at pagkatapos ay sinabi sa lalaki, “Iunat mo ang iyong kamay!” Iniunat nga ng lalaki ang kanyang kamay at ito'y gumaling.

11Nagngitngit naman sa galit ang mga tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo, at pinag-usapan nila kung ano ang maaari nilang gawin kay Jesus.

**Pinili ang Labindalawa**

(Mt. 10:1-4; Mc. 3:13-19)

12Nang panahong iyon, umakyat si Jesus sa isang bundok at magdamag siyang nanalangin sa Diyos.

13Kinaumagahan, tinawag niya ang kanyang mga alagad. Mula sa kanila ay pumili siya ng labindalawa na tinawag niyang mga apostol.

14Sila ay sina Simon, na pinangalanan niyang Pedro, si Andres na kapatid nito, sina Santiago, Juan, Felipe, Bartolome,

15Mateo, Tomas, Santiago na anak ni Alfeo, si Simon na Makabayan,

16si Judas na anak ni Santiago, at si Judas Iscariote na naging taksil.

**Nagturo at Nagpagaling si Jesus**

(Mt. 4:23-25)

17Pagbaba ni Jesus kasama ang mga apostol, nadatnan nila sa isang patag na lugar ang marami sa kanyang mga alagad, kasama ang napakaraming taong buhat sa Judea, Jerusalem, at mga bayan sa baybaying-dagat ng Tiro at Sidon.

18Pumaroon sila upang makinig, at mapagaling sa kanilang mga karamdaman. Pinagaling nga sila ni Jesus, pati na rin ang mga pinapahirapan ng masasamang espiritu.

19Sinisikap ng lahat ng maysakit na makahawak man lamang sa kanya, sapagkat may kapangyarihang nanggagaling sa kanya na nagpapagaling sa lahat.

**Ang Pinagpala at ang Kahabag-habag**

(Mt. 5:1-12)

20Tumingin si Jesus sa mga alagad, at sinabi, “Pinagpala kayong mga dukha, sapagkat sa inyo ang kaharian ng Diyos!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21“Pinagpala kayong mga nagugutom ngayon, sapagkat kayo'y bubusugin. “Pinagpala kayong mga tumatangis ngayon, sapagkat kayo'y magsisitawa!

22“Pinagpala kayo kung dahil sa inyong pagsunod sa Anak ng Tao ay kinapopootan kayo, ipinagtatabuyan at nilalait ng mga tao, at pinaparatangang kayo ay masama.

23Magalak kayo at lumukso sa tuwa kung gayon ang mangyari sa inyo, sapagkat malaki ang inyong gantimpala sa langit. Gayundin ang ginawa ng kanilang mga ninuno sa mga propeta.

24“Ngunit kahabag-habag kayong mga mayayaman ngayon, sapagkat natamasa na ninyo ang kaginhawahan.

25“Kahabag-habag kayong mga busog ngayon, sapagkat kayo'y magugutom! “Kahabag-habag kayong mga tumatawa ngayon, sapagkat kayo'y magdadalamhati at magsisitangis!

26“Kahabag-habag kayo, kung kayo'y pinupuri ng lahat ng tao, sapagkat gayundin ang ginawa ng kanilang mga ninuno sa mga huwad na propeta.”

### Ang Pag-ibig sa Kaaway
(Mt. 5:38-48; 7:12a)

27“Subalit sinasabi ko sa inyong mga nakikinig sa akin: Mahalin ninyo ang inyong mga kaaway at gawan ng mabuti ang mga napopoot sa inyo.

28Pagpalain ninyo ang sumusumpa sa inyo at ipanalangin ang mga nang-aapi sa inyo.

29Kapag sinampal ka sa isang pisngi, iharap mo rin ang kabila. Kapag inagaw ang iyong balabal, huwag mong ipagkait ang iyong damit.

30Bigyan mo ang bawat humihingi sa iyo; at kung may kumuha ng iyong ari-arian, huwag mo nang bawiin pa ang mga iyon.

31Gawin ninyo sa inyong kapwa ang nais ninyong gawin nila sa inyo.

32“Kung ang nagmamahal lamang sa inyo ang inyong mamahalin, anong pagpapala ang nararapat sa inyo? Ang mga makasalanan man ay nagmamahal din sa mga nagmamahal sa kanila.

33Kung ang mga gumagawa lamang ng mabuti sa inyo ang gagawan ninyo ng mabuti, anong pagpapala ang nararapat sa inyo? Kahit ang masasamang tao ay gumagawa rin niyan!

34At kung ang makakabayad lamang ang inyong pauutangin, anong pagpapala ang nararapat sa inyo? Kahit ang masasamang tao ay nagpapautang din sa kapwa nila masama, sa pag-asang sila'y mababayaran.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

35Sa halip, mahalin ninyo ang inyong mga kaaway at gumawa kayo ng mabuti sa kanila. Magpahiram kayo na hindi umaasa ng anumang kabayaran. Sa gayon, malaking gantimpala ang tatamuhin ninyo, at kayo'y magiging mga anak ng Kataas-taasang Diyos. Sapagkat siya'y mabuti kahit sa masasama at sa mga hindi marunong magpasalamat.

36Maging mahabagin kayo tulad ng inyong Ama na mahabagin."

### Ang Paghatol sa Kapwa
(Mt. 7:1-5)

37"Huwag kayong humatol at hindi kayo hahatulan. Huwag kayong magparusa at hindi kayo parurusahan. Magpatawad kayo at kayo'y patatawarin.

38Magbigay kayo at kayo'y bibigyan din; hustong takal, siksik, liglig, at umaapaw pa ang ibibigay sa inyo. Sapagkat ang panukat na ginagamit ninyo sa iba ay siya ring gagamiting panukat sa inyo."

39Tinanong sila ni Jesus nang patalinghaga, "Maaari kayang mag-akay ang isang bulag ng kapwa niya bulag? Pareho silang mahuhulog sa hukay kapag ginawa nila ang ganoon!

40Walang alagad na nakakahigit sa kanyang guro, ngunit matapos maturuang lubos, ang alagad ay makakatulad ng kanyang guro.

41"Bakit mo pinapansin ang puwing ng iyong kapatid ngunit hindi mo pinapansin ang troso sa iyong mata?

42Paano mo masasabi sa iyong kapatid, 'Kapatid, hayaan mong alisin ko ang iyong puwing,' gayong hindi mo nakikita ang trosong nasa iyong mata? Mapagkunwari! Alisin mo muna ang troso sa iyong mata, nang makakita kang mabuti; sa gayon, maaalis mo na ang puwing ng iyong kapatid."

### Sa Bunga Makikilala ang Puno
(Mt. 7:16-20; 12:33-35)

43"Walang mabuting punongkahoy na namumunga ng masama, at wala ring masamang puno na namumunga ng mabuti.

44Nakikilala ang bawat puno sa pamamagitan ng kanyang bunga. Sapagkat hindi nakakapitas ng igos sa matitinik na halaman o ng ubas sa mga dawag.

45Ang mabuting tao ay naglalabas ng mabuti mula sa kanyang pusong sagana sa kabutihan, samantalang ang masamang tao naman ay naglalabas ng masama mula sa kanyang pusong puno ng kasamaan. Sapagkat kung ano ang nag-uumapaw sa puso ay siyang sinasabi ng labi."

### Ang Dalawang Uri ng Taong Nagtayo ng Bahay
(Mt. 7:24-27)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

46“Bakit ninyo ako tinatawag na ‘Panginoon, Panginoon,’ gayong hindi naman ninyo tinutupad ang sinasabi ko?

47Sasabihin ko sa inyo kung ano ang katulad ng taong lumalapit sa akin, nakikinig sa aking mga salita, at nagsasagawa ng mga ito.

48Siya ay katulad ng isang taong humukay nang malalim at nagtayo ng bahay sa pundasyong bato. Nang bumaha at bumugso ang tubig, hindi natinag ang bahay na itinayo, sapagkat matibay ang pagkakatayo nito.

49Ngunit ang nakikinig naman ng aking mga salita at hindi tumutupad nito ay katulad ng isang taong nagtayo ng bahay nang walang pundasyon. Nang bumaha at bumugso ang tubig sa bahay na iyon, kaagad itong bumagsak at lubusang nawasak.”

## Lucas 7

### Pinagaling ang Alipin ng Kapitang Romano

(Mt. 8:5-13)

1Matapos sabihin ni Jesus ang mga ito sa mga tao, pumunta siya sa bayan ng Capernaum.

2Doon ay may isang kapitang Romano na may aliping mahal sa kanya. May sakit ang aliping ito at nasa bingit ng kamatayan.

3Nang mabalitaan ng kapitan ang tungkol kay Jesus, nagsugo siya ng ilang mga pinuno ng mga Judio upang pakiusapan si Jesus na dalawin at pagalingin ang alipin.

4Paglapit ng mga sugo kay Jesus, taimtim silang nakiusap sa kanya at sinabi, “Siya po'y karapat-dapat na pagbigyan ninyo

5sapagkat mahal niya ang ating bansa. Sa katunayan nga po, ipinagpatayo niya tayo ng isang sinagoga.”

6Sumama sa kanila si Jesus, ngunit nang malapit na siya sa bahay ay nasalubong niya ang mga kaibigan ng kapitan. Sila ay sinugo ng kapitan upang ipasabi kay Jesus ang ganito: “Ginoo, huwag na po kayong mag-abala. Hindi po ako karapat-dapat na puntahan pa ninyo sa aking tahanan,

7ni hindi rin po ako karapat-dapat na humarap sa inyo. Ngunit magsalita lamang po kayo at gagaling na ang aking alipin.

8Ako po ay nasa ilalim ng mga nakakataas sa akin at may nasasakupan naman akong mga kawal. Kapag sinabi ko sa isa, ‘Pumunta ka roon!’ pumupunta siya; at kapag sinabi ko naman po sa isa, ‘Halika!’ siya'y

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

lumalapit. Kapag sinabi ko po sa aking alipin, 'Gawin mo ito!' ginagawa niya iyon."

9Namangha si Jesus nang marinig ito, kaya't humarap siya sa napakaraming taong sumusunod sa kanya at sinabi, "Kahit na sa Israel ay hindi ako nakakita ng ganito kalaking pananampalataya."

10Pagbalik nila sa bahay, naratnan ng mga isinugo na magaling na nga ang alipin.

### Muling Binuhay ang Anak ng Isang Biyuda

11Pagkatapos nito, nagpunta naman si Jesus sa isang bayang tinatawag na Nain. Sumama sa kanya ang mga alagad at ang napakaraming tao.

12Nang malapit na siya sa pintuan ng bayan, may isang lalaking namatay na dala ng mga tao patungo sa libingan. Ito ay kaisa-isang anak na lalaki ng isang biyuda. Napakaraming tao mula sa bayan ang sumama upang makipaglibing.

13Nahabag ang Panginoon nang kanyang makita ang ina ng namatay kaya't sinabi niya rito, "Huwag kang umiyak."

14Nilapitan niya at hinipo ang kabaong at tumigil ang mga may pasan nito. Sinabi niya, "Binata, sinasabi ko sa iyo, bumangon ka!"

15Bumangon ang patay at nagsalita; at siya'y ibinigay ni Jesus sa kanyang ina.

16Natakot ang lahat at sila'y nagpuri sa Diyos. Sabi nila, "Dumating sa atin ang isang dakilang propeta! Dinalaw ng Diyos ang kanyang bayan!"

17At kumalat sa buong Judea at sa palibot na lupain ang balitang ito tungkol sa ginawa ni Jesus.

### Ang mga Sugo ni Juan na Tagapagbautismo

(Mt. 11:2-19)

18Ibinalita kay Juan ng kanyang mga alagad ang lahat ng mga pangyayaring ito. Kaya't tinawag ni Juan ang dalawa sa kanila

19at pinapunta sa Panginoon upang itanong kung siya na nga ang ipinangakong darating, o kung maghihintay pa sila ng iba.

20Pagdating doo'y sinabi nila kay Jesus, "Pinapunta po kami dito ni Juan na Tagapagbautismo upang itanong kung kayo na nga ang darating, o maghihintay pa kami ng iba."

21Nang oras na iyon, pinagaling ni Jesus ang maraming taong may sakit, may karamdaman at sinasapian ng masasamang espiritu. Maraming mga bulag ang binigyan niya ng paningin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Kaya't sinabi niya sa mga sugo ni Juan, “Bumalik kayo kay Juan at sabihin ninyo sa kanya ang inyong nakita at narinig; nakakakita ang mga bulag, nakakalakad ang mga pilay, gumagaling at lumilinis ang mga ketongin, nakakarinig ang mga bingi, muling nabubuhay ang mga patay, at ipinapangaral sa mga dukha ang Magandang Balita.

23Pinagpala ang taong hindi nag-aalinlangan sa akin!”

24Pagkaalis ng mga sugo, nagsalita si Jesus sa mga tao tungkol kay Juan, “Bakit kayo pumunta sa ilang? Ano ang ibig ninyong makita? Isang halamang tambo na inihahapay ng hangin?

25Ano nga ba ang inyong dinayo roon? Isang taong may magarang damit? Ang mga nagdaramit ng mamahalin at namumuhay sa karangyaan ay nasa palasyo ng mga hari.

26Ano nga ang inyong dinayo? Isang propeta? Oo. At sinasabi ko sa inyo, siya'y higit pa sa isang propeta.

27Sapagkat si Juan ang tinutukoy ng kasulatan: ‘Narito, ipinapadala ko ang aking sugo na mauuna sa iyo, upang ihanda ang iyong daraanan.’

28Sinasabi ko sa inyo, wala pang isinilang na mas dakila kaysa kanya. Ngunit mas dakila kay Juan ang pinakamababa sa kaharian ng Diyos.”

29Ang lahat ng mga taong nakarinig sa kanya, pati na ang mga maniningil ng buwis ay nagpuri sa Diyos. Ang mga ito'y binautismuhan ni Juan.

30Ngunit ang mga Pariseo at ang mga dalubhasa sa Kautusan ay tumanggi sa layunin ng Diyos para sa kanila sapagkat ayaw nilang magpabautismo kay Juan.

31Sinabi pa ni Jesus, “Kanino ko maihahambing ang mga tao ngayon? Ano ang nakakatulad nila?

32Ang katulad nila'y mga batang nakaupo sa palengke at sumisigaw sa kanilang mga kalaro, ‘Tinugtugan namin kayo ng plauta, ngunit hindi kayo sumayaw! Umawit kami ng panaghoy, ngunit hindi kayo umiyak!’

33Sapagkat nang dumating si Juan na Tagapagbautismo, siya'y nag-aayuno at hindi umiinom ng alak; at ang sabi ninyo, ‘Sinasapian ng demonyo ang taong iyan!’

34Nang dumating naman ang Anak ng Tao, siya'y kumakain at umiinom, ngunit sinasabi naman ninyo, ‘Tingnan ninyo ang taong iyan! Matakaw, lasenggo at kaibigan ng mga maniningil ng buwis at ng mga makasalanan!’

35Ngunit ang karunungan ng Diyos ay napatutunayang tama sa pamamagitan ng mga tumatanggap nito.”

### Binuhusan ng Pabango ang mga Paa ni Jesus

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[36]Inanyayahan si Jesus ng isa sa mga Pariseo upang makasalo niya. Pumunta naman siya sa bahay nito at dumulog sa hapag.

[37]Sa bayang iyon ay may isang babaing makasalanan. Nabalitaan niyang kumakain si Jesus sa bahay ng Pariseo, kaya't nagdala siya ng pabangong nasa sisidlang alabastro.

[38]Lumapit siya sa likuran ni Jesus sa gawing paanan. Umiiyak na binasâ niya ng kanyang mga luha ang mga paa ni Jesus. Pinunasan niya ng kanyang sariling buhok, hinalikan, at binuhusan ng pabango ang mga paa nito.

[39]Nang ito'y makita ng Pariseong nag-anyaya kay Jesus, nasabi nito sa sarili, "Kung totoong propeta ang taong ito, dapat ay alam niya na ang babaing humahawak sa kanyang paa ay isang makasalanan."

[40]Bilang tugon sa iniisip ni Simon, sinabi ni Jesus, "Simon, may sasabihin ako sa iyo." "Ano po iyon, Guro?" sagot niya.

[41]Sinabi ni Jesus, "May dalawang taong may utang sa isang nagpapahiram ng pera; limang daang salaping pilak ang inutang ng isa, at limampung salaping pilak naman ang sa ikalawa.

[42]Nang hindi sila makabayad, kapwa sila pinatawad. Ngayon, sino kaya sa kanila ang higit na magmamahal sa pinagkautangan?"

[43]Sumagot si Simon, "Sa palagay ko po'y ang pinatawad sa mas malaking utang." "Tama ang sagot mo," tugon ni Jesus.

[44]Nilingon niya ang babae at sinabi kay Simon, "Nakikita mo ba ang babaing ito? Pumasok ako sa iyong bahay at hindi mo man lamang ako binigyan ng tubig para sa aking mga paa; ngunit hinugasan niya ng luha ang aking mga paa at pinunasan ang mga ito ng sarili niyang buhok.

[45]Hindi mo ako hinalikan; ngunit siya, mula nang pumasok ay hindi tumigil ng kahahalik sa aking mga paa.

[46]Hindi mo nilagyan ng langis ang aking ulo, subalit binuhusan niya ng pabango ang aking mga paa.

[47]Kaya't sinasabi ko sa iyo, malaki ang kanyang pagmamahal sapagkat maraming kasalanan ang pinatawad sa kanya; ngunit ang pinatawad ng kaunti ay kaunti rin ang pagmamahal."

[48]At sinabi niya sa babae, "Pinatawad na ang iyong mga kasalanan."

[49]At ang kanyang mga kasalo sa pagkain ay nagsimulang magtanong sa sarili, "Sino ba itong nangangahas na magpatawad ng kasalanan?"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

50Ngunit sinabi ni Jesus sa babae, “Iniligtas ka ng iyong pananampalataya. Umuwi ka na.”

## Lucas 8

### Mga Babaing Naglilingkod kay Jesus

1Pagkatapos nito, nilibot ni Jesus ang mga bayan at nayon sa paligid. Nangangaral siya at nagtuturo ng Magandang Balita tungkol sa kaharian ng Diyos. Kasama niya ang Labindalawa

2at ilang babaing pinagaling niya sa masasamang espiritu at sa kanilang mga karamdaman: si Maria na tinatawag na Magdalena (mula sa kanya'y pitong demonyo ang pinalayas),

3si Juana na asawa ni Cusa na katiwala ni Herodes, si Susana, at marami pang iba. Tinustusan ng mga ito mula sa sarili nilang ari-arian ang mga pangangailangan ni Jesus at ng kanyang mga alagad.

### Ang Talinghaga tungkol sa Manghahasik

(Mt. 13:1-9; Mc. 4:1-9)

4Nagdatingan ang mga tao mula sa iba't ibang bayan at sila'y lumapit kay Jesus. Isinalaysay ni Jesus ang talinghagang ito:

5“Isang magsasaka ang pumunta sa bukid upang maghasik. Sa kanyang paghahasik, may binhing nalaglag sa daan, natapakan ng mga tao at tinuka ng mga ibon.

6May binhi namang nalaglag sa batuhan at tumubo, ngunit agad na natuyo dahil sa kakulangan sa tubig.

7May nalaglag naman sa may damuhang matinik, at nang lumago ang mga damo, sinakal nito ang mga binhing tumubo roon.

8Mayroon namang binhing nalaglag sa matabang lupa. Ito'y sumibol, lumago at namunga ng tig-iisandaan.” At pagkatapos ay sinabi niya nang malakas, “Makinig ang may pandinig!”

### Ang Layunin ng mga Talinghaga

(Mt. 13:10-17; Mc. 4:10-12)

9Itinanong ng mga alagad kung ano ang kahulugan ng talinghagang ito.

10Sumagot si Jesus, “Ipinagkaloob sa inyo na maunawaan ang mga hiwaga tungkol sa kaharian ng Diyos, ngunit sa iba'y sa pamamagitan ng talinghaga. Nang sa gayon, ‘Tumingin man sila'y hindi sila makakakita; at makinig man sila'y hindi sila makakaunawa.’”

### Ang Paliwanag tungkol sa Talinghaga

(Mt. 13:18-23; Mc. 4:13-20)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11“Ito ang kahulugan ng talinghaga: ang binhi ay ang Salita ng Diyos.

12Ang mga binhing nalaglag sa tabi ng daan ay ang mga taong nakikinig. Dumating ang diyablo at inalis nito ang Salita mula sa puso ng mga nakikinig upang hindi sila manalig at maligtas.

13Ang mga nalaglag naman sa batuhan ay ang mga nakarinig ng Salita at tumanggap nito nang may kagalakan, ngunit hindi ito nag-ugat sa kanilang puso. Sandali lamang silang naniwala, kaya't pagdating ng pagsubok, sila'y tumitiwalag.

14Ang mga nahasik naman sa may matitinik na damuhan ay ang mga nakinig sa salita ng Diyos, ngunit nang tumagal, nadaig sila ng mga alalahanin sa buhay at ng pagkahumaling sa kayamanan at kalayawan. Dahil dito, hindi nahihinog ang kanilang mga bunga.

15Ang mga nahasik naman sa matabang lupa ay ang mga nakikinig ng salita ng Diyos at nag-iingat nito sa kanilang pusong tapat at malinis, at sila'y namumunga dahil sa pagtitiyaga.”

### Ang Talinghaga tungkol sa Ilaw

(Mc. 4:21-25)

16“Walang taong nagsisindi ng ilaw at pagkatapos ay tinatakluban ng banga o kaya'y itinatago sa ilalim ng higaan. Sa halip, inilalagay iyon sa talagang patungan upang magkaroon ng liwanag para sa mga pumapasok sa bahay.

17Walang natatago na di malalantad, at walang lihim na di mabubunyag.

18“Kaya't pagbutihin ninyo ang inyong pakikinig, sapagkat ang mayroon ay bibigyan pa, ngunit ang wala ay aalisan pati ng inaakala niyang nasa kanya.”

### Ang Ina at mga Kapatid ni Jesus

(Mt. 12:46-50; Mc. 3:31-35)

19Dumating ang ina at mga kapatid ni Jesus, ngunit hindi sila makalapit sa kanya dahil sa dami ng tao.

20Kaya't may nagsabi sa kanya, “Nasa labas po ang inyong ina at mga kapatid; nais nilang makita kayo.”

21Ngunit sinabi ni Jesus, “Ang mga nakikinig at tumutupad ng salita ng Diyos ang aking ina at mga kapatid.”

### Pinatigil ang Bagyo

(Mt. 8:23-27; Mc. 4:35-41)

22Isang araw, sumakay sa isang bangka si Jesus at ang kanyang mga alagad. Sinabi niya sa kanila, “Tumawid tayo sa ibayo.” At ganoon nga ang ginawa nila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Nang sila ay naglalayag na, nakatulog si Jesus. Bumugso ang isang malakas na unos at ang bangka ay pinasok ng tubig, kaya't sila'y nanganib na lumubog.

24Nilapitan siya ng mga alagad at ginising. “Panginoon, Panginoon, mamamatay tayo!” sabi nila. Bumangon si Jesus at sinaway ang hangin at ang malalaking alon. Tumahimik ang mga ito at bumuti ang panahon.

25Pagkatapos, sinabi niya, “Nasaan ang inyong pananampalataya?” Ngunit sila'y natakot at namangha. Sinabi nila sa isa't isa, “Sino kaya ito? Inuutusan niya pati ang hangin at ang tubig, at sinusunod naman siya ng mga ito!”

### Ang Pagpapagaling sa Geraseno

(Mt. 8:28-34; Mc. 5:1-20)

26Dumaong sila sa lupain ng mga Geraseno, katapat ng Galilea sa kabilang ibayo ng lawa.

27Pagbaba ni Jesus sa bangka, sinalubong siya ng isang lalaking tagaroon na sinasapian ng mga demonyo. Matagal na itong hindi nagsusuot ng damit, ni ayaw ring tumira sa bahay kundi sa mga kuwebang libingan namamalagi.

28Nang makita si Jesus ay nagsisisigaw ang lalaki, nagpatirapa at sinabi nang malakas, “Jesus, Anak ng Kataas-taasang Diyos, ano ang pakialam mo sa akin? Nakikiusap ako sa iyo, huwag mo akong pahirapan!”

29Ganoon ang sinabi nito sapagkat inutusan ni Jesus na lumabas ang masamang espiritu. Madalas itong sinasapian ng masasamang espiritu, at kahit ito'y bantayan at tanikalaan ang paa't kamay, pinaglalagut-lagot lamang nito ang mga iyon. Siya'y dinadala ng demonyo sa mga liblib na pook.

30Tinanong siya ni Jesus, “Ano ang pangalan mo?” “Batalyon,” sagot niya, sapagkat marami ang demonyong pumasok sa kanya.

31Nagmakaawa kay Jesus ang mga demonyo na huwag silang itapon sa kalalimang walang hanggan.

32Samantala, may malaking kawan ng baboy na nagsisikain sa isang bundok na malapit doon. Nakiusap ang mga demonyo na papasukin sila sa mga iyon, at pinahintulutan naman sila ni Jesus.

33Lumabas sa tao ang mga demonyo at pumasok sa mga baboy. Ang kawan ay biglang tumakbo papunta sa bangin at tuluy-tuloy na nahulog sa lawa at nalunod.

34Nang makita ito ng mga tagapag-alaga ng mga baboy, tumakbo sila at ipinamalita ito sa bayan at sa mga nayon.

35Lumabas ang mga tao upang tingnan ang nangyari. Paglapit nila kay Jesus, nakita nila ang taong dating sinasapian ng mga demonyo. Nakaupo

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

siya sa paanan ni Jesus, nakadamit na at matino na ang isip. Sila'y lubhang natakot.

36Isinalaysay sa kanila ng mga nakakita kung paanong gumaling ang dating sinasapian ng mga demonyo.

37Kaya't nakiusap kay Jesus ang mga Geraseno na umalis na lamang siya sa kanilang lupain, sapagkat sila'y takot na takot. Kaya't sumakay siya sa bangka at umalis sa pook na iyon.

38Nakiusap kay Jesus ang taong inalisan ng mga demonyo na siya'y isama nito. Ngunit sinabi sa kanya ni Jesus,

39“Umuwi ka na at ipamalita mo ang dakilang bagay na ginawa sa iyo ng Diyos.” Umuwi nga ang lalaki at ipinamalita sa buong bayan ang ginawa sa kanya ni Jesus.

**Binuhay ang Anak ni Jairo at Pinagaling ang Babaing Cananea**

(Mt. 9:18-26; Mc. 5:21-43)

40Pagbalik ni Jesus, masaya siyang tinanggap ng mga tao sapagkat siya'y hinihintay nila.

41Dumating noon ang isang lalaking nagngangalang Jairo, isang tagapamahala ng sinagoga. Nagpatirapa ito at nakiusap kay Jesus na sumama sa kanyang bahay,

42sapagkat ang kaisa-isa niyang anak na babae na maglalabindalawang taong gulang na ay naghihingalo. Habang naglalakad si Jesus papunta sa bahay ni Jairo, sinisiksik siya ng mga tao.

43Kabilang sa mga ito ang isang babaing labindalawang taon nang dinudugo at hindi mapagaling ninuman. [Naubos na ang kanyang kabuhayan sa mga manggagamot.]

44Lumapit siya sa likuran ni Jesus at hinawakan ang laylayan ng damit nito. Noon di'y tumigil ang kanyang pagdurugo.

45Nagtanong si Jesus, “Sino ang humawak sa damit ko?” Nang walang umamin, sinabi ni Pedro, “Panginoon, napapaligiran po kayo at sinisiksik ng mga tao!”

46Ngunit sinabi ni Jesus, “May humawak sa damit ko! Naramdaman kong may kapangyarihang lumabas sa akin.”

47Nang malaman ng babae na hindi pala maililihim ang kanyang ginawa, siya'y nanginginig na lumapit at nagpatirapa sa paanan ni Jesus. Pagkatapos, sinabi niya sa lahat ng naroon kung bakit niya hinawakan ang damit ni Jesus, at kung paanong siya'y agad na gumaling.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

48Kaya't sinabi sa kanya ni Jesus, “Anak, pinagaling ka ng iyong pananampalataya. Umuwi ka nang mapayapa.”

49Nagsasalita pa si Jesus nang dumating ang isang lalaking galing sa bahay ni Jairo. “Patay na po ang inyong anak!” sabi niya kay Jairo. “Huwag na po ninyong abalahin ang Guro.”

50Nang ito'y marinig ni Jesus, sinabi niya kay Jairo, “Huwag kang matakot. Manalig ka lamang at siya'y gagaling.”

51Pagdating sa bahay, wala siyang isinama sa loob kundi sina Pedro, Juan at Santiago, at ang mga magulang ng dalagita.

52Nag-iiyakan ang lahat ng naroroon at kanilang tinatangisan ang bata. Ngunit sinabi ni Jesus, “Huwag kayong umiyak. Hindi patay ang bata; natutulog lamang.”

53Pinagtawanan nila si Jesus sapagkat alam nilang patay na ang dalagita.

54Ngunit hinawakan ni Jesus ang kamay nito at sinabi, “Bumangon ka, bata!”

55Nagbalik ang hininga ng dalagita at ito'y agad na bumangon. Pagkatapos, pinabigyan siya ni Jesus ng pagkain.

56Manghang-mangha ang mga magulang ng bata, ngunit pinagbilinan sila ni Jesus na huwag sabihin kaninuman ang pangyayaring ito.

## Lucas 9

### Isinugo ang Labindalawa

(Mt. 10:5-15; Mc. 6:7-13)

1Tinipon ni Jesus ang Labindalawa at binigyan sila ng kapangyarihan at karapatang magpalayas ng mga demonyo at magpagaling ng mga may sakit.

2Isinugo sila ni Jesus upang mangaral tungkol sa kaharian ng Diyos at upang magpagaling ng mga maysakit.

3Sila'y pinagbilinan niya, “Huwag kayong magbabaon ng anuman sa inyong paglalakbay, kahit tungkod, balutan, tinapay, salapi, o bihisan man.

4Makituloy kayo sa sinumang tumanggap sa inyo, at manatili kayo sa bahay nito hanggang sa pag-alis ninyo sa bayang iyon.

5Kung hindi naman kayo tanggapin ng mga tao sa isang bayan, umalis kayo roon at ipagpag ninyo ang alikabok sa inyong mga paa bilang babala laban sa kanila.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Kaya't humayo ang mga alagad at pumunta sa mga nayon. Ipinangaral nila
ang Magandang Balita at pinagaling ang mga maysakit sa lahat ng dako.

**Ang Pagkabalisa ni Herodes**
(Mt. 14:1-12; Mc. 6:14-29)

7Nabalitaan ni Herodes na pinuno ng Galilea ang lahat ng mga nangyayari.
Nababagabag siya sapagkat may nagsasabing muling nabuhay si Juan na
Tagapagbautismo.

8Sinasabi naman ng iba, “Nagpakita si Elias.” May nagsasabi pang, “Ang isa
sa mga propeta noong unang panahon ay muling nabuhay.”

9Ngunit sinabi ni Herodes, “Pinapugutan ko na si Juan. Sino kaya ang
lalaking ito? Marami na akong nababalitaan tungkol sa kanya.” Kaya sinikap
niyang makita si Jesus.

**Ang Pagpapakain sa Limanlibo**
(Mt. 14:13-21; Mc. 6:30-44; Jn. 6:1-14)

10Pagbalik ng mga apostol, isinalaysay nila kay Jesus ang lahat ng kanilang
ginawa. Pagkatapos, umalis si Jesus kasama ang mga alagad papunta sa
bayan ng Bethsaida.

11Sinundan siya ng mga tao nang malaman ito, at malugod naman silang
tinanggap ni Jesus. Nagsalita siya sa mga tao tungkol sa kaharian ng Diyos
at pinagaling niya ang mga may karamdaman.

12Nang malapit nang lumubog ang araw, nilapitan siya ng Labindalawa at
sinabi nila, “Paalisin na po ninyo ang mga tao upang makahanap sila ng
makakain at matutuluyan sa mga nayon sa paligid. Nasa liblib na lugar po
tayo.”

13Ngunit sinabi niya, “Kayo ang magbigay sa kanila ng makakain.” Sumagot
naman ang mga alagad, “Wala po tayong pagkain kundi limang tinapay at
dalawang isda. Bibili po ba kami ng pagkain para sa lahat ng taong ito?”

14Halos limanlibo ang mga lalaking naroon. Sinabi niya sa kanyang mga
alagad, “Paupuin ninyo ang mga tao nang lima-limampu.”

15Pinaupo nga nila ang lahat.

16Kinuha ni Jesus ang limang tinapay at dalawang isda, tumingin sa langit
at nagpasalamat sa Diyos. Pinaghati-hati niya ang mga tinapay at isda at
ibinigay sa kanyang mga alagad upang ipamahagi sa mga tao.

17Silang lahat ay nakakain at nabusog. Nang ipunin ng mga alagad ang
lumabis na pagkain, nakapuno pa sila ng labindalawang kaing.

**Ang Pahayag ni Pedro tungkol kay Jesus**
(Mt. 16:13-19; Mc. 8:27-29)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[18]Isang araw, habang si Jesus ay nananalanging mag-isa, lumapit sa kanya ang mga alagad. Tinanong sila ni Jesus, “Ano ang sinasabi ng mga tao tungkol sa akin? Sino raw ako?”

[19]Sumagot sila, “Ang sabi po ng ilan, kayo si Juan na Tagapagbautismo; sabi naman po ng iba, kayo si Elias; may nagsasabi namang muling nabuhay ang isa sa mga propeta noong unang panahon.”

[20]“Kayo naman, ano ang sabi ninyo?” tanong niya sa kanila. “Kayo po ang Cristo ng Diyos!” sagot ni Pedro.

[21]Mahigpit na itinagubilin ni Jesus sa kanyang mga alagad na huwag nilang sasabihin ito kaninuman.

### Ipinahayag ni Jesus ang tungkol sa Kanyang Kamatayan

(Mt. 16:20-28; Mc. 8:30–9:1)

[22]Sinabi pa niya sa kanila, “Ang Anak ng Tao'y dapat magdanas ng matinding hirap. Itatakwil siya ng mga pinuno ng bayan, ng mga punong pari at ng mga tagapagturo ng Kautusan. Siya ay papatayin ngunit sa ikatlong araw ay muli siyang mabubuhay.”

[23]At sinabi niya sa kanilang lahat, “Ang sinumang nagnanais sumunod sa akin ay kinakailangang itakwil ang kanyang sarili, pasanin araw-araw ang kanyang krus, at sumunod sa akin.

[24]Ang naghahangad na magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito, ngunit ang mawalan ng kanyang buhay alang-alang sa akin ay magkakamit nito.

[25]Ano nga ang mapapala ng tao, makamtan man niya ang buong daigdig kung mapapahamak naman at mawawala ang kanyang buhay?

[26]Kapag ako at ang aking mga salita ay ikakahiya ninuman, ikakahiya rin siya ng Anak ng Tao pagparito niya na taglay ang kanyang karangalan at ang karangalan ng Ama at ng mga banal na anghel.

[27]Sinasabi ko sa inyo ang totoo: may ilan sa inyo ritong hindi mamamatay hangga't hindi nila nakikita ang kaharian ng Diyos.”

### Ang Pagbabagong-anyo ni Jesus

(Mt. 17:1-8; Mc. 9:2-8)

[28]Makalipas ang halos walong araw pagkatapos sabihin ni Jesus ang mga ito, umakyat siya sa bundok upang manalangin. Isinama niya sina Pedro, Juan at Santiago.

[29]Habang siya'y nananalangin, nagbago ang anyo ng kanyang mukha at ang kanyang kasuotan ay nagningning sa kaputian.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Biglang may lumitaw na dalawang lalaki na nakikipag-usap sa kanya, sina Moises at Elias,

31na nagpakitang may kaningningan. Pinag-usapan nila ang pagpanaw ni Jesus na malapit na niyang isakatuparan sa Jerusalem.

32Natutulog sina Pedro noon at paggising nila ay nakita nila si Jesus na nakakasilaw ang anyo at may dalawang lalaking nakatayo sa tabi niya.

33Nang papaalis na ang mga lalaki, sinabi ni Pedro, "Panginoon, mabuti po at nandito kami. Magtatayo po kami ng tatlong tolda, isa para sa inyo, isa kay Moises, at isa kay Elias."—ngunit hindi niya nalalaman ang kanyang sinasabi.

34Nagsasalita pa siya nang liliman sila ng ulap, at natakot sila nang matakpan sila nito.

35May isang tinig na nagsalita mula sa ulap, "Ito ang aking Anak, ang aking Hinirang. Pakinggan ninyo siya!"

36Nang mawala ang tinig, nakita nilang nag-iisa na si Jesus. Hindi muna ipinamalita ng mga alagad ang kanilang nakita.

**Pinagaling ang Sinasaniban ng Masamang Espiritu**

(Mt. 17:14-18; Mc. 9:14-27)

37Kinabukasan, bumabâ sila mula sa bundok at si Jesus ay sinalubong ng napakaraming tao.

38Mula sa karamihan ay may isang lalaking sumigaw, "Guro, nakikiusap ako sa inyo, tingnan po ninyo ang kaisa-isa kong anak na lalaki!

39Sinasaniban siya ng isang espiritu at bigla na lamang siyang nagsisisigaw at nangingisay hanggang sa bumula ang bibig. Lubha po siyang pinapahirapan at halos ayaw nang tigilan nito.

40Nakiusap po ako sa inyong mga alagad na palayasin nila ito ngunit hindi nila magawa."

41Sumagot si Jesus, "Lahing napakasama at walang pananampalataya! Hanggang kailan pa ako dapat manatiling kasama ninyo? Hanggang kailan ko kayo pagtitiisan?" At sinabi niya sa lalaki, "Dalhin ninyo rito ang iyong anak."

42Nang papalapit na ang bata, pinangisay na naman ito ng demonyo at bumagsak sa lupa. Ngunit sinaway ni Jesus ang masamang espiritu at pinagaling ang bata; pagkatapos ay ibinigay sa ama nito.

43At namangha ang mga tao sa nakita nilang kapangyarihan ng Diyos.

**Muling Binanggit ni Jesus ang Kanyang Kamatayan**

(Mt. 17:22-23; Mc. 9:30-32)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Hangang-hanga ang lahat ng mga tao sa ginawa ni Jesus, ngunit sinabi niya sa kanyang mga alagad,

44“Pakinggan ninyo at tandaan itong sasabihin ko: ang Anak ng Tao ay ipagkakanulo sa kamay ng mga tao.”

45Ngunit hindi nila ito naunawaan sapagkat inilihim sa kanila ang kahulugan nito. Natakot naman silang magtanong sa kanya kung ano ang ibig niyang sabihin.

**Ang Pinakadakila**

(Mt. 18:1-5; Mc. 9:33-37)

46At nagtalu-talo ang mga alagad kung sino sa kanila ang pinakadakila.

47Alam ni Jesus ang kanilang iniisip kaya't tinawag niya ang isang maliit na bata at pinatayo sa tabi niya.

48Pagkatapos ay sinabi niya sa kanila, “Ang sinumang tumatanggap sa batang ito alang-alang sa akin ay tumatanggap sa akin; at ang sinumang tumatanggap sa akin ay tumatanggap sa nagsugo sa akin. Ang pinakaaba sa inyong lahat ay siyang pinakadakila.”

**Kakampi Natin ang Hindi Laban sa Atin**

(Mc. 9:38-40)

49Sinabi ni Juan, “Panginoon, nakakita po kami ng isang taong nagpapalayas ng mga demonyo sa inyong pangalan. Pinagbawalan po namin siya sapagkat hindi natin siya kasamahan.”

50Ngunit sinabi ni Jesus, “Huwag ninyo siyang pagbawalan, sapagkat ang hindi laban sa inyo ay kakampi ninyo.”

**Hindi Tinanggap si Jesus sa Isang Nayon sa Samaria**

51Nang nalalapit na ang panahong iaakyat si Jesus sa langit, buo na ang kanyang kapasyahang pumunta sa Jerusalem.

52Sinugo niya ang ilan upang mauna sa kanya. Pumunta sila sa isang nayon sa Samaria upang ipaghanda siya ng matutuluyan.

53Ngunit ayaw siyang patuluyin ng mga Samaritano dahil buo na ang kanyang kapasyahang pumunta sa Jerusalem.

54Nang makita ito nina Santiago at Juan, sinabi nila, “Panginoon, gusto ba ninyong magpaulan kami ng apoy mula sa langit upang sila'y lipulin [tulad ng ginawa ni Elias]?”

55Ngunit hinarap sila ni Jesus at sila'y pinagalitan. [“Hindi ninyo alam kung anong espiritu ang nasa inyo. Ang Anak ng Tao ay naparito hindi upang ipahamak kundi iligtas ang mga tao.”]

56At nagpunta sila sa ibang nayon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Pagsunod kay Jesus

(Mt. 8:19-22)

57 Samantalang sila'y naglalakad, may isang lalaking lumapit at nagsabi kay Jesus, “Susunod po ako sa inyo kahit saan kayo pumunta.”

58 Sumagot si Jesus, “May lungga ang asong-gubat, at may pugad ang mga ibon, ngunit ang Anak ng Tao ay wala man lamang mapagpahingahan.”

59 At sinabi naman niya sa isa, “Sumunod ka sa akin.” Ngunit sumagot ito, “Panginoon, hayaan lang po muna ninyong maipalibing ko ang aking ama.”

60 Sinabi ni Jesus sa kanya, “Hayaan mo na ang mga patay ang maglibing sa kanilang mga patay. Ngunit humayo ka at ipahayag mo ang kaharian ng Diyos.”

61 May isa namang nagsabi sa kanya, “Susunod po ako sa inyo, Panginoon, ngunit hayaan ninyong magpaalam muna ako sa aking pamilya.”

62 At ganito naman ang tugon ni Jesus, “Sinumang nagsimulang mag-araro ngunit panay ang lingon ay hindi karapat-dapat sa kaharian ng Diyos.”

## Lucas 10

### Isinugo ni Jesus ang Pitumpu't Dalawa

1 Pagkatapos nito, pumili pa ang Panginoon ng pitumpu't dalawa. Sila ay isinugo niya nang dala-dalawa sa bawat bayan at pook na pupuntahan niya.

2 Sinabi niya sa kanila, “Napakarami ng aanihin ngunit kakaunti ang mga mag-aani. Idalangin ninyo sa may-ari ng aanihin na magpadala siya ng mga mag-aani.

3 Humayo kayo! Isinusugo ko kayong parang mga tupa sa gitna ng mga asong-gubat.

4 Huwag kayong magdala ng lalagyan ng pera, balutan, o sandalyas. Huwag na kayong tumigil upang bumati kaninuman sa daan.

5 Pagpasok ninyo sa alinmang bahay, sabihin muna ninyo, ‘Maghari nawa ang kapayapaan sa bahay na ito!’

6 Kung maibigin sa kapayapaan ang nakatira roon, tatanggapin nila ang kapayapaan ninyo; ngunit kung hindi, babalik sa inyo ang inyong pagbasbas.

7 Makituloy kayo sa bahay na iyon at huwag kayong magpapalipat-lipat ng tinutuluyan. Kainin ninyo at inumin ang anumang ihain sa inyo sapagkat ang manggagawa ay karapat-dapat tumanggap ng sahod.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8 Pagpasok ninyo sa isang bayan at tinanggap kayo, kainin ninyo ang anumang ihain sa inyo.

9 Pagalingin ninyo ang mga maysakit doon at sabihin sa mga tagaroon, ‘Malapit na sa inyo ang kaharian ng Diyos.’

10 Ngunit pagpasok ninyo sa isang bayan at hindi kayo tinanggap, pumunta kayo sa mga lansangan nito at sabihin,

11 ‘Pati ang alikabok ng inyong bayan na dumikit sa aming mga paa ay inaalis namin bilang babala sa inyo. Ngunit pakatandaan ninyo, malapit na ang kaharian ng Diyos!’

12 Sinasabi ko sa inyo, mas kahahabagan pa ang mga taga-Sodoma kaysa bayang iyon sa Araw ng Paghuhukom!”

**Babala sa mga Bayang Ayaw Magsisi**

(Mt. 11:20-24)

13 “Kawawa kayo mga taga-Corazin! Kawawa kayo mga taga-Bethsaida! Sapagkat kung sa Tiro at Sidon ginawa ang mga himalang ginawa sa inyo, matagal na sanang nagdamit ng sako at naupo sa abo ang mga tagaroon bilang tanda ng kanilang pagsisisi.

14 Mas kahahabagan pa ang mga taga-Tiro at taga-Sidon kaysa inyo sa Araw ng Paghuhukom.

15 At kayong mga taga-Capernaum, nais pala ninyong itaas ang inyong sarili hanggang langit? Ibabagsak kayo hanggang sa daigdig ng mga patay!

16 Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Ang nakikinig sa inyo ay sa akin nakikinig, ang nagtatakwil sa inyo ay nagtatakwil sa akin, at ang nagtatakwil sa akin ay nagtatakwil sa nagsugo sa akin.”

**Bumalik ang Pitumpu't Dalawa**

17 Masayang-masayang bumalik ang pitumpu't dalawa. Iniulat nila, “Panginoon, kahit po ang mga demonyo ay napapasunod namin dahil sa kapangyarihan ng inyong pangalan.”

18 Sinabi sa kanila ni Jesus, “Nakita kong parang kidlat na nahulog si Satanas mula sa langit.

19 Binigyan ko kayo ng kapangyarihang tapakan ang mga ahas at mga alakdan, at daigin ang lahat ng kapangyarihan ng kaaway; at walang makakapanakit sa inyo.

20 Ngunit magalak kayo, hindi dahil sa napapasunod ninyo ang masasamang espiritu, kundi dahil nakatala sa langit ang inyong mga pangalan.”

**Nagalak si Jesus**

(Mt. 11:25-27; 13:16-17)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Nang oras ding iyon, si Jesus ay napuspos ng kagalakan sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Sinabi niya, “Salamat sa iyo, Ama, Panginoon ng langit at lupa, sapagkat inilihim mo sa marurunong at matatalino ang mga bagay na ito, ngunit inihayag mo sa mga walang muwang. Oo, Ama, sapagkat ganoon ang nais mong mangyari.

22“Ibinigay sa akin ng aking Ama ang lahat ng bagay. Walang nakakakilala sa Anak kundi ang Ama, at wala namang nakakakilala sa Ama kundi ang Anak at ang mga taong minarapat ng Anak na makakilala sa Ama.”

23Humarap si Jesus sa mga alagad at sinabi nang walang ibang nakakarinig, “Pinagpala kayo sapagkat nakita ninyo ang mga nakikita ninyo ngayon.

24Sinasabi ko sa inyo, maraming propeta at mga hari ang naghangad na makita ang inyong nakikita at marinig ang inyong naririnig, subalit hindi nila ito nakita ni narinig.”

**Ang Mabuting Samaritano**

25Isang dalubhasa sa Kautusan ang lumapit kay Jesus upang siya'y subukin. “Guro, ano ang dapat kong gawin upang magkamit ng buhay na walang hanggan?” tanong niya.

26Sumagot si Jesus, “Ano ba ang nakasulat sa Kautusan? Ano ba ang nababasa mo roon?”

27Sumagot ang lalaki, “‘Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, buong kaluluwa mo, buong lakas mo, at buong pag-iisip mo;’ at ‘Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.’”

28Sabi ni Jesus, “Tama ang sagot mo. Gawin mo iyan at magkakamit ka ng buhay na walang hanggan.”

29Upang huwag siyang lumabas na kahiya-hiya, nagtanong pa ang lalaki, “Sino naman ang aking kapwa?”

30Sumagot si Jesus, “May isang taong naglalakbay mula sa Jerusalem papuntang Jerico. Hinarang siya ng mga tulisan, hinubaran, binugbog, at iniwang halos patay na.

31Nagkataong dumaan doon ang isang paring Judio. Nang makita ang taong nakahandusay, lumihis siya at nagpatuloy sa kanyang paglakad.

32Dumaan din ang isang Levita, ngunit nang makita niya ang taong binugbog, lumihis din ito at nagpatuloy sa kanyang paglakad.

33Ngunit may isang Samaritanong naglalakbay na napadaan doon. Nang makita niya ang biktima, siya'y naawa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

34Nilapitan niya ito, binuhusan ng langis at alak ang mga sugat at binendahan. Pagkatapos, isinakay niya ang lalaki sa kanyang asno at dinala ito sa bahay-panuluyan upang maalagaan siya doon.

35Kinabukasan, binigyan niya ng dalawang salaping pilak ang namamahala ng bahay-panuluyan, at sinabi, 'Alagaan mo siya, at kung higit pa riyan ang iyong magagastos, babayaran kita pagbalik ko.'"

36At nagtanong si Jesus, "Sa palagay mo, sino kaya sa tatlo ang naging tunay na kapwa ng taong hinarang ng mga tulisan?"

37"Ang taong tumulong sa kanya," tugon ng dalubhasa sa kautusan. Kaya't sinabi sa kanya ni Jesus, "Kung gayon, humayo ka at ganoon din ang gawin mo."

### Dumalaw si Jesus kina Martha at Maria

38Si Jesus at ang kanyang mga alagad ay nagpatuloy sa kanilang paglalakbay, at pumasok sa isang nayon. Malugod silang tinanggap sa tahanan ni Martha.

39May kapatid siyang si Maria na naupo sa may paanan ng Panginoon upang makinig sa kanyang itinuturo.

40Si Martha naman ay abalang-abala sa paghahanda, kaya't lumapit siya kay Jesus at nagsabi, "Panginoon, balewala po ba sa inyo na pinababayaan ako ng kapatid kong maghanda nang nag-iisa? Sabihan nga po ninyo siyang tulungan naman ako."

41Ngunit sinabi ng Panginoon sa kanya, "Martha, Martha, nababalisa ka at abalang-abala sa maraming bagay,

42ngunit iisa lamang ang kailangan. Pinili ni Maria ang mabuti at ito'y hindi aalisin sa kanya."

## Lucas 11

### Katuruan tungkol sa Pananalangin

(Mt. 6:9-13; 7:7-11)

1Minsan, nanalangin si Jesus sa isang lugar. Nang siya'y matapos, sinabi ng isa sa kanyang mga alagad, "Panginoon, turuan po ninyo kaming manalangin, tulad ng ginawa ni Juan sa kanyang mga alagad."

2Sinabi ni Jesus sa kanila, "Kung kayo'y mananalangin, sabihin ninyo, 'Ama, sambahin nawa ang iyong pangalan. Dumating nawa ang iyong kaharian.

3Bigyan mo kami ng aming pagkain sa araw-araw.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, sapagkat pinapatawad
namin ang bawat nagkakasala sa amin. At huwag mo kaming hayaang
matukso.'"

5Sinabi pa rin niya sa kanila, "Ipalagay nating isang hatinggabi, isa sa inyo'y
nagpunta sa isa ninyong kaibigan at nakiusap, 'Kaibigan, pahiram muna ng
tatlong tinapay.

6Dumating kasi ang isa kong kaibigang naglalakbay at wala akong maihain
sa kanya!'

7At ganito naman ang sagot ng kaibigan mong nasa loob ng bahay, 'Huwag
mo akong gambalain! Sarado na ang pinto at nakahiga na kami ng aking
mga anak. Hindi na ako makakabangon para bigyan ka ng kahit ano.'

8Sinasabi ko sa inyo, hindi man siya bumangon dahil sa kanilang pagiging
magkaibigan, babangon siya upang ibigay ang hinihingi ng kaibigan dahil sa
pagpupumilit nito.

9Kaya't sinasabi ko sa inyo, humingi kayo at kayo'y bibigyan; humanap kayo
at kayo'y makakatagpo; kumatok kayo at kayo'y pagbubuksan.

10Sapagkat ang bawat humihingi ay tatanggap; ang bawat humahanap ay
makakatagpo; at ang bawat kumakatok ay pagbubuksan.

11Kayong mga ama, bibigyan ba ninyo ng ahas ang inyong anak kung ito'y
humihingi ng isda?

12Bibigyan ba ninyo siya ng alakdan kung siya'y humihingi ng itlog?

13Kayo ngang masasama ay marunong magbigay ng mabubuting kaloob sa
inyong mga anak. Lalo na ang inyong Ama na nasa langit, na magbibigay
ng Espiritu Santo sa mga humihingi sa kanya!"

**Si Jesus at si Beelzebul**

(Mt. 12:22-30; Mc. 3:20-27)

14Minsan, pinalayas ni Jesus ang isang demonyo mula sa isang lalaking pipi.
Nang nakapagsalita ito, ang mga tao ay humanga kay Jesus.

15Subalit sinabi naman ng ilan sa mga naroon, "Nakapagpapalayas siya ng
mga demonyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Beelzebul, ang pinuno
ng mga demonyo."

16May mga nagnanais na siya'y subukin kaya't patuloy na humihiling na
magpakita siya ng isang himala mula sa langit.

17Subalit alam ni Jesus ang kanilang iniisip kaya't sinabi niya, "Ang bawat
kahariang naglalaban-laban ang mga mamamayan ay babagsak, at
alinmang sambahayang sila-sila ang naglalaban ay mawawasak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Kung kinakalaban ni Satanas ang kanyang sarili, paano mananatili ang kanyang kaharian? Sinasabi ninyong nagpapalayas ako ng mga demonyo sa kapangyarihan ni Beelzebul.

19Kung ako'y nagpapalayas ng mga demonyo sa kapangyarihan ni Beelzebul, sa kaninong kapangyarihan naman nagpapalayas ng demonyo ang inyong mga tagasunod? Sila na rin ang magpapatunay na mali kayo.

20Nagpapalayas ako ng mga demonyo sa kapangyarihan ng Diyos, at ito'y nangangahulugang dumating na sa inyo ang kaharian ng Diyos.

21“Kapag ang isang taong malakas ay nagbabantay sa kanyang bahay na dala ang kanyang mga sandata, ligtas ang kanyang mga ari-arian.

22Ngunit kung salakayin siya ng isang taong higit na malakas kaysa kanya, sasamsamin nito ang mga sandatang kanyang inaasahan at ipamamahagi nito ang mga inagaw na ari-arian.

23“Ang hindi ko kakampi ay kalaban ko, at ang hindi ko kasamang nag-iipon ay nagkakalat.”

### Ang Pagbabalik ng Masamang Espiritu

(Mt. 12:43-45)

24“Kapag lumabas sa tao ang isang masamang espiritu, nagpapagala-gala ito sa mga tigang na lugar at naghahanap ng mapagpapahingahan. Kapag wala siyang makita, sasabihin niya sa sarili, ‘Babalik ako sa bahay na aking pinanggalingan.’

25Sa pagbabalik niya ay madadatnan niyang malinis at maayos ang bahay.

26Kaya't lalabas siyang muli at magsasama ng pito pang espiritung mas masasama kaysa kanya. Papasok sila at maninirahan doon, kaya't mas masama pa kaysa dati ang kalagayan ng taong iyon.”

### Ang Tunay na Pinagpala

27Habang nagsasalita si Jesus, may isang babaing sumigaw mula sa karamihan, “Pinagpala ang babaing nagbuntis at nag-alaga sa iyo.”

28Ngunit sumagot siya, “Higit na pinagpala ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at tumutupad nito!”

### Hinanapan si Jesus ng Palatandaan

(Mt. 12:38-42)

29Nang dumagsa ang mga tao, sinabi ni Jesus, “Napakasama ng mga tao sa panahong ito. Naghahanap sila ng palatandaang mula sa langit, subalit walang palatandaang ipapakita sa kanila maliban sa nangyari kay Jonas.

30Kung paanong si Jonas ay naging isang palatandaan sa mga taga-Nineve, gayundin naman, ang Anak ng Tao ay magiging isang palatandaan sa lahing ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

31Sa Araw ng Paghuhukom, sasaksi ang Reyna ng Sheba laban sa lahing ito, sapagkat naglakbay siya mula pa sa dulo ng daigdig upang mapakinggan ang karunungan ni Solomon, ngunit ang naririto ngayon ay higit na dakila kaysa kay Solomon.

32Sa Araw ng Paghuhukom, sasaksi ang mga taga-Nineve laban sa lahing ito, sapagkat nagsisi sila dahil sa pangangaral ni Jonas. Pakinggan ninyo, lalong dakila kay Jonas ang naririto ngayon."

### Ang Ilaw ng Katawan

(Mt. 5:15; 6:22-23)

33"Walang nagsisindi ng ilaw upang itago lamang iyon, [o kaya'y ilagay sa ilalim ng banga]. Inilalagay ang ilaw sa talagang patungan upang matanglawan ang mga pumapasok sa bahay.

34Ang iyong mata ang ilaw ng iyong katawan. Kung malinaw ang iyong mata, mapupuno ng liwanag ang buo mong katawan. Ngunit kung malabo ang iyong mata, ang buo mong katawan ay mapupuno ng kadiliman.

35Kaya't mag-ingat ka, baka ang liwanag na inaakala mong nasa iyo ay kadiliman pala.

36Kung nasa liwanag ang buo mong katawan at walang bahaging nasa dilim, magliliwanag itong parang isang ilawan na tumatanglaw sa iyo."

### Tinuligsa ni Jesus ang mga Tagapagturo ng Kautusan at ang mga Pariseo

(Mt. 23:1-36; Mc. 12:38-40)

37Pagkatapos magsalita, si Jesus ay inanyayahan ng isang Pariseo upang kumain sa bahay niya. Nagpaunlak si Jesus at dumulog sa hapag.

38Nagulat ang Pariseo nang makita niyang si Jesus ay hindi muna naghugas ng kamay bago kumain.

39Sinabi sa kanya ng Panginoon, "Kayong mga Pariseo, hinuhugasan ninyo ang labas ng baso at ng pinggan, ngunit ang loob ninyo'y punung-puno ng kasakiman at kasamaan.

40Mga hangal! Hindi ba't ang lumikha ng nasa labas ang siya ring lumikha ng nasa loob?

41Ipamahagi muna ninyo sa mga dukha ang laman ng inyong mga baso at pinggan, at magiging malinis ang lahat ng bagay para sa inyo.

42"Kahabag-habag kayong mga Pariseo! Ibinibigay ninyo ang ikasampung bahagi ng yerbabuena, ruda, at iba pang halamang panimpla sa pagkain, ngunit kinakaligtaan naman ninyo ang katarungan at ang pag-ibig sa Diyos. Dapat lamang na gawin ninyo ito ngunit hindi dapat kaligtaan ang mas mahahalagang bagay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

43“Kahabag-habag kayong mga Pariseo! Mahihilig kayo sa mga upuang pandangal sa mga sinagoga, at ibig ninyong pagpugayan kayo sa mga palengke.

44Kahabag-habag kayo sapagkat para kayong mga libingang walang tanda kaya't nalalakaran ng mga tao nang hindi nila namamalayan.”

45Sinabi sa kanya ng isa sa mga dalubhasa sa Kautusan, “Guro, sa sinabi ninyong iyan, pati kami'y kinukutya ninyo.”

46Sinagot naman siya ni Jesus, “Kahabag-habag din kayo, mga dalubhasa sa kautusan! Pinagpapapasan ninyo ng mabibigat na dalahin ang mga tao, ngunit ni daliri ay ayaw ninyong igalaw upang matulungan sila.

47Kahabag-habag kayo! Ipinagpapatayo pa ninyo ng magagarang libingan ang mga propetang pinatay ng inyong mga ninuno.

48Sa gayon, kayo na rin ang nagpapatunay na sang-ayon kayo sa ginawa ng inyong mga ninuno, sapagkat sila ang pumatay sa mga propeta at kayo naman ang nagtatayo ng libingan ng mga ito.

49Dahil dito'y sinabi rin ng Karunungan ng Diyos, ‘Magsusugo ako sa kanila ng mga propeta at mga apostol; ang ilan ay papatayin nila at ang iba nama'y uusigin.’

50Sa gayon, pananagutan ng salinlahing ito ang pagpaslang sa lahat ng mga propetang pinaslang mula nang likhain ang daigdig,

51magmula kay Abel hanggang kay Zacarias na pinatay sa pagitan ng dambana at ng Dakong Banal. Oo, sinasabi ko sa inyo, mananagot ang salinlahing ito.

52“Kahabag-habag kayo, mga dalubhasa sa Kautusan! Sapagkat ipinagkakait ninyo ang susi ng kaalaman. Hindi na nga kayo pumapasok, hinahadlangan pa ninyo ang mga ibang nais pumasok.”

53At umalis si Jesus doon. Mula noon, tinuligsa na siya ng mga tagapagturo ng Kautusan at ng mga Pariseo at pinagtatatanong tungkol sa maraming bagay,

54upang masilo siya sa pamamagitan ng kanyang pananalita.

## Lucas 12

### Babala Laban sa Pagkukunwari

(Mt. 10:26-27)

1Samantala, dumaragsa ang libu-libong tao, at sa sobrang dami ay nagkakatapakan na sila. Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Mag-

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ingat kayo sa pampaalsang ginagamit ng mga Pariseo. Ang tinutukoy ko ay ang kanilang pagkukunwari.

2Walang natatago na di malalantad at walang nalilihim na di mabubunyag.

3Ang sinabi ninyo sa dilim ay maririnig sa liwanag at ang ibinulong ninyo sa loob ng silid ay ipagsisigawan sa lansangan.

### Ang Dapat Katakutan

(Mt. 10:28-31)

4“Sinasabi ko sa inyo, mga kaibigan, huwag kayong matakot sa mga taong pumapatay ng katawan at wala nang kayang gawin higit pa rito.

5Sasabihin ko sa inyo kung sino ang dapat ninyong katakutan. Katakutan ninyo siya na pagkatapos pumatay ay may kapangyarihan ding magtapon sa impiyerno. Sinasabi ko sa inyo, ang Diyos ang dapat ninyong katakutan!

6“Hindi ba't ipinagbibili ang limang maya sa halaga lamang ng dalawang salaping tanso? Gayunman, kahit isa sa kanila'y hindi kinakalimutan ng Diyos.

7Maging ang buhok ninyo'y bilang niyang lahat. Kaya't huwag kayong matakot; higit kayong mahalaga kaysa maraming maya.”

### Pagkilala kay Cristo

(Mt. 10:32-33; 12:32; 10:19-20)

8“Sinasabi ko rin sa inyo, ang sinumang kumilala sa akin sa harapan ng mga tao ay kikilalanin din naman ng Anak ng Tao sa harapan ng mga anghel ng Diyos.

9Ngunit ang magkaila sa akin sa harap ng mga tao ay ikakaila ko rin naman sa harap ng mga anghel ng Diyos.

10“Ang sinumang magsalita laban sa Anak ng Tao ay patatawarin, ngunit ang sinumang lumapastangan sa Espiritu Santo ay hindi patatawarin.

11“Kapag kayo'y dinala nila sa sinagoga, o sa harap ng mga pinuno at ng mga may kapangyarihan upang litisin, huwag kayong mabahala kung paano ninyo ipagtatanggol ang inyong sarili o kung ano ang inyong sasabihin

12sapagkat sa oras na iyon, ang Espiritu Santo ang magtuturo sa inyo kung ano ang dapat ninyong sabihin.”

### Maling Pag-iipon ng Kayamanan

13Sinabi kay Jesus ng isa sa mga naroroon, “Guro, iutos nga po ninyo sa kapatid ko na paghatian namin ang aming mana.”

14Sumagot siya, “Sino ang naglagay sa akin bilang hukom o tagapaghati ng mana ninyo?”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

[15]At sinabi niya sa kanilang lahat, "Mag-ingat kayo sa lahat ng uri ng kasakiman; sapagkat ang buhay ng tao ay wala sa dami ng kanyang kayamanan."

[16]Pagkatapos, isinalaysay ni Jesus ang isang talinghaga. "Isang mayaman ang umani nang sagana sa kanyang bukirin.

[17]Kaya't nasabi niya sa sarili, 'Ano ang gagawin ko ngayon? Wala na akong paglagyan ng aking mga ani!

[18]Alam ko na! Ipagigiba ko ang aking mga kamalig at magpapatayo ako ng mas malalaki. Doon ko ilalagay ang aking ani at ibang ari-arian.

[19]Pagkatapos, ay sasabihin ko sa aking sarili, marami ka nang naipon para sa mahabang panahon. Kaya't magpahinga ka na lamang, kumain, uminom, at magpakasaya!'

[20]"Ngunit sinabi sa kanya ng Diyos, 'Hangal! Sa gabi ring ito'y babawian ka na ng buhay. Kanino ngayon mapupunta ang mga inilaan mo para sa iyong sarili?'

[21]Ganyan ang sasapitin ng sinumang nag-iipon ng kayamanan para sa sarili, ngunit dukha naman sa paningin ng Diyos."

### Pananalig sa Diyos

(Mt. 6:25-34)

[22]Sinabi pa ni Jesus sa kanyang mga alagad, "Kaya't sinasabi ko sa inyo: huwag kayong mabalisa tungkol sa inyong buhay, sa inyong kakainin, o tungkol sa damit na kailangan ng inyong katawan.

[23]Sapagkat ang buhay ay higit pa kaysa pagkain at ang katawan kaysa damit.

[24]Tingnan ninyo ang mga uwak, hindi sila nagtatanim ni umaani man; wala rin silang imbakan o kamalig; ngunit pinapakain sila ng Diyos. Higit kayong mahalaga kaysa mga ibon!

[25]Sino sa inyo ang makakapagdagdag sa kanyang buhay ng kahit isang oras dahil sa pagkabalisa?

[26]Kung hindi ninyo magawâ ang ganoong kaliit na bagay, bakit kayo nababalisa tungkol sa ibang mga bagay?

[27]Tingnan ninyo ang mga bulaklak sa parang kung paano sila lumalago. Hindi sila nagtatrabaho ni humahabi man. Ngunit sinasabi ko sa inyo, kahit si Solomon sa kanyang karangyaan ay hindi nakapagdamit ng singganda ng isa sa mga bulaklak na ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

28Kung dinadamitan ng Diyos ang mga damo sa parang na buháy ngayon at kinabukasa'y iginagatong sa kalan, kayo pa kaya? Kay liit ng inyong pananampalataya!

29Kaya't huwag kayong labis na mag-isip kung saan kayo kukuha ng kakainin at iinumin. Huwag na kayong mangamba.

30Ang mga bagay na ito ang pinagkakaabalahan ng mga taong di nananalig sa Diyos. Alam ng inyong Ama na kailangan ninyo ang lahat ng iyan.

31Subalit, bigyang halaga ninyo nang higit sa lahat ang kaharian ng Diyos, at ibibigay niya sa inyo ang mga bagay na ito."

### Ang Kayamanang Hindi Mawawala

(Mt. 6:19-21)

32"Huwag kayong matakot, munting kawan, sapagkat ikinalulugod ng inyong Ama na ibigay sa inyo ang kaharian.

33Ipagbili ninyo ang inyong ari-arian, at ipamahagi sa mga dukha ang pinagbilhan! Gumawa kayo ng mga sisidlang hindi naluluma at mag-ipon kayo sa langit ng kayamanang hindi nauubos. Doo'y walang magnanakaw na pumapasok at insektong sumisira.

34Sapagkat kung nasaan ang inyong kayamanan ay naroon din ang inyong puso."

### Mga Aliping Laging Handa

35"Maging handa kayong lagi at panatilihing maliwanag ang inyong mga ilawan.

36Tumulad kayo sa mga aliping naghihintay sa pag-uwi ng kanilang panginoon buhat sa kasalan, upang kung ito'y dumating at kumatok ay mabuksan nila agad ang pinto.

37Pinagpala ang mga aliping aabutang nagbabantay pagdating ng kanilang panginoon. Tandaan ninyo: magbibihis siya at pauupuin sila, ipaghahanda sila ng pagkain at pagsisilbihan.

38Pinagpala sila kung maratnan silang handa pagdating ng Panginoon, maging sa hatinggabi o sa madaling-araw man.

39Sinasabi ko sa inyo, kung alam lamang ng may-ari ng bahay kung anong oras darating ang magnanakaw, hindi niya pababayaang makapasok ito.

40Kayo man ay dapat na humanda, sapagkat darating ang Anak ng Tao sa oras na hindi ninyo inaasahan."

### Ang Tapat at Di Tapat na Alipin

(Mt. 24:45-51)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

41Nagtanong si Pedro, “Panginoon, sinasabi po ba ninyo ang talinghagang ito para sa amin o para sa lahat?”

42Sumagot ang Panginoon, “Sino nga ba ang tapat at matalinong katiwala? Sino ang katiwalang pamamahalain ng kanyang panginoon sa kanyang sambahayan upang magbigay sa ibang mga alipin ng kanilang pagkain sa takdang oras?

43Pinagpala ang aliping madaratnang gumaganap ng tungkulin pag-uwi ng kanyang panginoon.

44Sinasabi ko sa inyo, pamamahalain siya ng kanyang panginoon sa lahat ng ari-arian nito.

45Ngunit kung sasabihin ng aliping iyon sa kanyang sarili, ‘Matatagalan pa ang pag-uwi ng aking panginoon,’ bubugbugin niya ang mga kapwa niya aliping lalaki at babae, at siya'y kakain, iinom at maglalasing,

46darating ang kanyang panginoon sa araw na hindi niya inaasahan at sa oras na hindi niya alam. Buong lupit siyang paparusahan ng kanyang panginoon, at isasama sa mga suwail.

47“Ang aliping nakakaalam ng kalooban ng kanyang panginoon ngunit nagpapabaya, o ayaw tumupad sa ipinapagawa nito ay paparusahan nang mabigat.

48Ngunit ang aliping hindi nakakaalam ng kalooban ng kanyang panginoon, magkulang man siya sa kanyang tungkulin, ay paparusahan lamang nang magaan. Ang binigyan ng maraming bagay ay hahanapan ng marami; at ang pinagkatiwalaan ng lalong maraming bagay ay pananagutin ng lalong marami.”

**Pagkabaha-bahagi ng Sambahayan**
(Mt. 10:34-36)

49“Naparito ako upang magdala ng apoy sa lupa at sana'y nagliliyab na ito!

50May isang bautismo na dapat kong danasin, at ako'y nababagabag hangga't hindi ito nagaganap.

51Akala ba ninyo'y naparito ako upang magdala ng kapayapaan sa lupa? Sinasabi ko sa inyo, hindi kapayapaan ang dala ko kundi pagkabaha-bahagi.

52Mula ngayon, ang lima sa isang sambahayan ay mahahati, tatlo laban sa dalawa at dalawa laban sa tatlo.

53Ang ama laban sa anak na lalaki, at ang anak na lalaki laban sa ama; ang ina laban sa anak na babae, at ang anak na babae laban sa ina; ang biyenang babae laban sa manugang na babae, at ang manugang na babae laban sa biyenang babae.”

**Pagkilala sa mga Palatandaan**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

(Mt. 16:2-3)

54Sinabi rin ni Jesus sa mga tao, “Kapag nakita ninyong kumakapal ang ulap sa kanluran, sinasabi ninyo agad na uulan, at ganoon nga ang nangyayari.

55At kung umiihip ang hangin mula sa katimugan ay sinasabi ninyong iinit, at nagkakaganoon nga.

56Mga mapagkunwari! Marunong kayong umunawa ng palatandaan sa lupa at sa langit, bakit hindi ninyo nauunawaan ang mga tanda ng kasalukuyang panahon?”

### Makipagkasundo sa Kaaway

(Mt. 5:25-26)

57“Bakit hindi ninyo mapagpasyahan kung ano ang tamang gawin?

58Kapag ikaw ay isinakdal, sikapin mong makipagkasundo ka sa nagsakdal sa iyo bago dumating sa hukuman; baka kaladkarin ka niya sa hukom, at ibigay ka ng hukom sa tanod, at ibilanggo ka naman nito.

59Sinasabi ko sa iyo, hindi ka makakalabas doon hangga't hindi mo nababayaran ang kahuli-hulihang sentimo.”

## Lucas 13

### Magsisi Upang Hindi Mapahamak

1Dumating noon ang ilang tao at ibinalita kay Jesus na ipinapatay ni Pilato ang ilang mga taga-Galilea habang ang mga ito'y naghahandog sa Diyos.

2Sinabi niya sa kanila, “Akala ba ninyo, dahil sa sinapit nilang iyon, higit silang masama kaysa sa ibang mga taga-Galilea?

3Hindi! Ngunit sinasabi ko sa inyo, malibang magsisi kayo't talikuran ang inyong mga kasalanan, mapapahamak din kayong tulad nila.

4At ang labingwalong namatay nang mabagsakan ng tore sa Siloe, sa akala ba ninyo'y higit silang makasalanan kaysa sa ibang naninirahan sa Jerusalem?

5Hindi! Ngunit sinasabi ko sa inyo, malibang magsisi kayo't talikuran ang inyong mga kasalanan, mapapahamak din kayong tulad nila.”

### Ang Talinghaga ng Puno ng Igos

6Sinabi pa sa kanila ni Jesus ang talinghagang ito. “May isang taong may tanim na puno ng igos sa kanyang ubasan. Minsan, tiningnan niya kung may bunga ang puno, ngunit wala siyang nakita.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Dahil dito, sinabi niya sa tagapag-alaga ng ubasan, ‘Tatlong taon na akong pumaparito at naghahanap ng bunga sa punong ito, ngunit wala akong makita. Putulin mo na't nakakasikip lang iyan!’

8Ngunit sumagot ang tagapag-alaga, ‘Huwag po muna nating putulin ngayon. Huhukayan ko po ang palibot at lalagyan ng pataba,

9baka sakaling mamunga na sa susunod na taon. Kung hindi pa, saka po ninyo ipaputol.’”

**Pinagaling ni Jesus ang Babaing Kuba**

10Isang Araw ng Pamamahinga, si Jesus ay nagtuturo sa isang sinagoga.

11May isang babae roon na labingwalong taon nang may karamdamang sanhi ng isang masamang espiritu. Siya'y nakukuba at hindi na makaunat.

12Nang siya'y makita ni Jesus, tinawag siya at sinabi, “Malaya ka na sa iyong karamdaman.”

13Ipinatong ni Jesus ang kanyang mga kamay sa babae, at noon di'y nakatayo siya nang tuwid at nagpuri sa Diyos.

14Ngunit nagalit ang tagapamahala ng sinagoga sapagkat nagpagaling si Jesus sa Araw ng Pamamahinga. Kaya't sinabi ng tagapamahala sa mga tao, “May anim na araw na inilaan upang kayo'y magtrabaho. Sa mga araw na iyon kayo pumarito upang pagalingin at huwag sa Araw ng Pamamahinga.”

15Sinagot siya ng Panginoon, “Mga mapagkunwari! Hindi ba't kinakalag ninyo sa sabsaban ang inyong baka o asno at dinadala sa painuman kahit sa Araw ng Pamamahinga?

16Ang anak na ito ni Abraham ay ginapos ni Satanas sa loob ng labingwalong taon. Hindi ba dapat siyang kalagan kahit na sa Araw ng Pamamahinga?”

17Napahiya ang lahat ng kumakalaban kay Jesus dahil sa isinagot niya. Natuwa naman ang mga tao dahil sa lahat ng mga kahanga-hangang bagay na ginawa niya.

**Ang Talinghaga ng Buto ng Mustasa**
(Mt. 13:31-32; Mc. 4:30-32)

18Sinabi ni Jesus, “Ano ang katulad ng kaharian ng Diyos? Saan ko ito maihahambing?

19Ang katulad nito'y isang buto ng mustasa na itinanim ng isang tao sa kanyang halamanan. Ito'y lumaki hanggang sa maging isang punongkahoy, at ang mga ibon ay nagpugad sa mga sanga nito.”

**Ang Talinghaga ng Pampaalsa**
(Mt. 13:33)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Sinabi pa ni Jesus, "Saan ko ihahambing ang kaharian ng Diyos?

[21]Ito ay katulad ng pampaalsa na inihalo ng isang babae sa tatlong takal na
harina, kaya't umalsa ang buong masa."

### Ang Makipot na Pintuan
(Mt. 7:13-14, 21-23)

[22]Habang nagpapatuloy si Jesus papuntang Jerusalem, siya'y nagtuturo sa
bawat bayan at nayon na kanyang dinaraanan.

[23]Minsan may nagtanong sa kanya, "Ginoo, kakaunti po ba ang maliligtas?"
Sinabi niya sa kanila,

[24]"Pagsikapan ninyong makapasok sa makipot na pintuan. Sinasabi ko sa
inyo, marami ang magpupumilit pumasok ngunit hindi makakapasok.

[25]Kapag tumayo na ang pinuno ng sambahayan at isinara na ang pinto,
magtitiis kayong nakatayo sa labas at katok nang katok. Sasabihin ninyo,
'Panginoon, papasukin po ninyo kami.' Ngunit sasabihin niya sa inyo, 'Hindi
ko kayo kilala!'

[26]Sasabihin naman ninyo, 'Kumain po kami at uminom na kasalo ninyo, at
nagturo pa kayo sa aming mga lansangan.'

[27]Sasagot naman siya, 'Hindi ko kayo kilala! Lumayo kayo sa akin, kayong
lahat na gumagawa ng kasamaan!'

[28]Iiyak kayo at magngangalit ang mga ngipin kapag nakita ninyong nasa
kaharian ng Diyos sina Abraham, Isaac at Jacob, at ang lahat ng propeta,
habang kayo nama'y ipinagtatabuyan!

[29]Darating ang mga tao buhat sa silangan at sa kanluran, sa hilaga at sa
timog, at kakain sa handaan sa kaharian ng Diyos.

[30]Tunay ngang may nahuhuling mauuna, at may nauunang mahuhuli."

### Ang Pagmamahal ni Jesus para sa Jerusalem
(Mt. 23:37-39)

[31]Dumating noon ang ilang Pariseo at sinabi nila kay Jesus, "Umalis na kayo
rito dahil gusto kayong ipapatay ni Herodes."

[32]Subalit sumagot siya, "Sabihin ninyo sa asong-gubat na iyon na
nagpapalayas pa ako ngayon ng mga demonyo at nagpapagaling ng mga
maysakit. Gayundin ang gagawin ko bukas, at sa ikatlong araw ay tatapusin
ko ang aking gawain.

[33]Ngunit dapat akong magpatuloy sa aking lakad ngayon, bukas, at sa
makalawa, sapagkat hindi dapat mamatay sa labas ng Jerusalem ang isang
propeta.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

34“Jerusalem, Jerusalem! Pinapatay mo ang mga propeta at binabato ang mga isinusugo sa iyo! Ilang beses kong sinikap na kupkupin ang iyong mga anak, gaya ng pag-aaruga ng isang inahin sa kanyang mga sisiw, ngunit ayaw mo.

35Kaya't pababayaan nang lubusan ang iyong Templo. Sinasabi ko sa iyo, hindi mo na ako makikita hanggang sa dumating ang oras na sasabihin mo, ‘Pinagpala ang dumarating sa pangalan ng Panginoon!’”

## Lucas 14

### Pinagaling ni Jesus ang Lalaking may Manas

1Isang Araw ng Pamamahinga, si Jesus ay inanyayahang kumain sa bahay ng isang pinuno ng mga Pariseo, at binabantayan nilang mabuti ang kanyang mga kilos.

2Lumapit kay Jesus ang isang lalaking may manas.

3Kaya't tinanong niya ang mga Pariseo at ang mga dalubhasa sa Kautusan, “Naaayon ba sa Kautusan ang magpagaling sa Araw ng Pamamahinga o hindi?”

4Ngunit hindi sila umimik, kaya't hinawakan ni Jesus ang maysakit, pinagaling ito at saka pinauwi.

5Pagkatapos ay sinabi niya sa kanila, “Kung ang inyong anak o ang inyong baka ang mahulog sa balon, hindi ba't iaahon ninyo ito kaagad kahit Araw ng Pamamahinga?”

6Hindi sila nakasagot sa tanong na ito.

### Pagmamataas at Pagpapakumbaba

7Napansin ni Jesus na pinipili ng ilang mga panauhin ang mga upuang pandangal. Kaya't sinabi niya ang talinghagang ito sa kanila.

8“Kapag inanyayahan ka sa isang kasalan, huwag kang uupo agad sa upuang pandangal. Baka may inanyayahang mas kilala kaysa sa iyo.

9Baka lapitan ka ng nag-anyaya sa inyong dalawa at sabihin sa iyo, ‘Maaari bang ibigay mo ang upuang iyan sa taong ito?’ Sa gayon, mapapahiya ka at doon ka uupo sa pinakaabang upuan.

10Mabuti pa, kapag naanyayahan ka, doon ka muna maupo sa pinakaabang upuan. Kapag lumapit sa iyo ang nag-anyaya at kanyang sinabi, ‘Kaibigan, dito ka sa kabisera,’ mapaparangalan ka sa harap ng lahat ng mga panauhin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Sapagkat ang nagmamataas ay ibababa, at ang nagpapakumbaba ay itataas."

12Sinabi naman ni Jesus sa nag-anyaya sa kanya, "Kapag naghahanda ka ng isang salu-salo, huwag ang iyong mga kaibigan, mga kapatid, mga kamag-anak o mayayamang kapitbahay ang aanyayahan mo, dahil aanyayahan ka rin nila at sa gayon ay susuklian ang iyong ginawa.

13Subalit kapag ikaw ay maghahanda, anyayahan mo ang mga mahihirap, mga lumpo, mga pilay, at mga bulag.

14Kapag ganito ang ginawa mo, pagpapalain ka, dahil hindi man nila masuklian ang ginawa mo, ang Diyos ang magbibigay sa iyo ng gantimpala sa muling pagkabuhay ng mga matuwid."

### Ang Talinghaga ng Malaking Handaan

(Mt. 22:1-10)

15Narinig ito ng isa sa mga kasalo niya roon, at sinabi sa kanya, "Pinagpala ang makakasalo sa hapag sa kaharian ng Diyos!"

16Sumagot si Jesus, "Isang lalaki ang naghanda ng isang malaking salu-salo, at marami siyang inanyayahan.

17Nang dumating ang oras ng handaan, inutusan niya ang kanyang alipin at ipinasabi sa mga inanyayahan, 'Halina kayo, handa na ang lahat!'

18Ngunit nagdahilan silang lahat. Ang sabi ng una, 'Nakabili ako ng bukid at kailangan ko itong puntahan. Kayo na sana ang bahalang magpaumanhin sa akin.'

19Sinabi naman ng isa, 'Nakabili ako ng limang magkapares na baka at kailangang masubukan ko sa bukid ang mga iyon. Kayo na sana ang bahalang magpaumanhin sa akin.'

20Sinabi naman ng isa, 'Ako'y bagong kasal, kaya't hindi ako makakadalo.'

21"Bumalik ang alipin at ibinalita ito sa kanyang panginoon. Nagalit ang panginoon at sinabi sa alipin, 'Pumunta ka kaagad sa mga lansangan at sa makikipot na daan ng lungsod at isama mo rito ang mga mahihirap, mga lumpo, mga bulag, at mga pilay.'

22Pagkatapos sinabi ng alipin, 'Panginoon, nagawa ko na po ang iniutos ninyo, ngunit marami pang bakanteng upuan.'

23Kaya't sinabi ng panginoon sa alipin, 'Pumunta ka sa mga lansangan at sa mga daan, at pilitin mong pumarito ang sinumang makita mo upang mapuno ang aking bahay.

24Sinasabi ko sa inyo, isa man sa mga unang inanyayahan ay hindi makakatikim ng aking handa!'"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang Pagiging Alagad
(Mt. 10:37-38)

25Sumama kay Jesus ang napakaraming tao; humarap siya sa kanila at kanyang sinabi,

26“Hindi maaaring maging alagad ko ang sinumang umiibig sa kanyang ama at ina, asawa at mga anak, mga kapatid, at maging sa sarili niyang buhay nang higit sa akin.

27Ang hindi magpasan ng sarili niyang krus at sumunod sa akin ay hindi maaaring maging alagad ko.

28“Kung ang isa sa inyo'y nagbabalak na magtayo ng tore, hindi ba siya uupo muna upang magplano at kuwentahin kung magkano ang magagastos niya upang matiyak kung may sapat siyang pera para maipatapos ang kanyang ipapatayo?

29Baka matapos mailagay ang mga pundasyon ay hindi naman mayari ang tore. Siya'y kukutyain lamang ng lahat ng makakakita niyon.

30Sasabihin nila, ‘Ang taong ito'y nagsimulang magtayo ngunit hindi naman naipatapos.’

31“O sinong hari na makikipagdigma sa kapwa hari ang hindi muna mauupo upang pag-aralang mabuti kung kaya niya, gamit ang sampung libo niyang kawal, na sumagupa sa kalaban na may dalawampung libong kawal?

32At kung hindi niya kaya, malayo pa ang kalaban ay magsusugo na siya ng mga kinatawan upang makipagkasundo.

33Gayundin naman, hindi maaaring maging alagad ko ang sinuman kung hindi niya tatalikuran ang lahat sa kanyang buhay.

### Asin na Walang Alat
(Mt. 5:13; Mc. 9:50)

34“Mabuti ang asin, ngunit kung ang asin ay mawalan na ng alat, paano pa ito mapapaalat muli?

35Wala itong kabutihang maibibigay sa lupa, o kahit sa tambakan man ng dumi, kaya't ito'y itinatapon na lamang. Makinig ang may pandinig!”

## Lucas 15

### Ang Nawala at Natagpuang Tupa
(Mt. 18:10-14)

1Isang araw, ang mga maniningil ng buwis at ang mga makasalanan ay lumapit kay Jesus upang makinig.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Nagbulung-bulungan ang mga Pariseo at mga tagapagturo ng Kautusan. Sabi nila, “Ang taong ito'y nakikisama at nakikisalo sa mga makasalanan.”

3Dahil dito, sinabi sa kanila ni Jesus ang talinghagang ito.

4“Kung ang sinuman sa inyo ay may isandaang tupa at mawalan ng isa, ano ang gagawin niya? Hindi ba't iiwan niya ang siyamnapu't siyam sa pastulan at hahanapin ang nawawala hanggang sa ito'y matagpuan?

5Kapag nakita na niya ang tupa ay masaya niya itong papasanin.

6Pagdating sa bahay, aanyayahan niya ang kanyang mga kaibigan at mga kapitbahay at sasabihin sa kanila, ‘Makipagsaya kayo sa akin dahil nakita ko na ang tupa kong nawawala!’

7Sinasabi ko sa inyo, magkakaroon ng higit na kagalakan sa langit dahil sa isang makasalanang tumatalikod sa kasalanan kaysa sa siyamnapu't siyam na matuwid na di nangangailangang magsisi.”

**Ang Nawala at Natagpuang Salaping Pilak**

8“O kaya, kung ang isang babae ay may sampung salaping pilak at mawala ang isa, ano ang gagawin niya? Hindi ba't magsisindi siya ng ilawan, wawalisan ang buong bahay at hahanaping mabuti ang nawawalang salapi hanggang sa ito'y kanyang makita?

9Kapag nakita na niya ito, aanyayahan niya ang kanyang mga kaibigan at mga kapitbahay at sasabihin sa kanila, ‘Makipagsaya kayo sa akin, sapagkat nakita ko na ang nawawala kong salaping pilak!’

10Sinasabi ko sa inyo, gayundin ang kagalakan ng mga anghel ng Diyos dahil sa isang makasalanang tumatalikod sa kasalanan.”

**Ang Dalawang Anak**

11Sinabi pa ni Jesus, “May isang tao na may dalawang anak na lalaki.

12Sinabi sa kanya ng bunso, ‘Ama, ibigay na po ninyo sa akin ang mamanahin ko.’ At hinati nga ng ama ang kanyang ari-arian.

13Pagkalipas ng ilang araw, ipinagbili ng bunso ang kanyang bahagi at nagpunta sa malayong lupain. Nilustay niya roon sa mga bisyo ang lahat niyang kayamanan.

14Nang maubos na ito, nagkaroon ng matinding taggutom sa lupaing iyon, kaya't siya'y nagsimulang maghirap.

15Namasukan siya sa isang tagaroon, at siya'y pinagtrabaho nito sa isang babuyan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Sa tindi ng kanyang gutom, at dahil sa wala namang nagbibigay sa kanya ng pagkain, halos kainin na niya ang mga pinagbalatan ng mga bungangkahoy na pinapakain sa mga baboy.

17Ngunit napag-isip-isip niya ang kanyang ginawa at nasabi niya sa sarili, ‘Labis-labis ang pagkain ng mga alila ng aking ama, samantalang ako'y namamatay dito sa gutom!

18Babalik ako sa aking ama at sasabihin ko sa kanya, “Ama, nagkasala po ako sa Diyos at sa inyo.

19Hindi na po ako karapat-dapat na tawaging anak ninyo; ibilang na lamang ninyo akong isa sa inyong mga alila.”’

20At siya'y nagpasyang umuwi sa kanila. “Malayo pa'y natanaw na siya ng kanyang ama, at dahil sa matinding awa ay patakbo siyang sinalubong, niyakap, at hinalikan.

21Sinabi ng anak, ‘Ama, nagkasala po ako sa Diyos at sa inyo. Hindi na po ako karapat-dapat na tawaging anak ninyo.’

22Ngunit tinawag ng ama ang kanyang mga alila, ‘Dali! Kunin ninyo ang pinakamagandang damit at bihisan ninyo siya! Suotan ninyo siya ng singsing at ng sandalyas.

23Katayin ninyo ang pinatabang guya at tayo'y kumain at magdiwang.

24Sapagkat ang anak kong ito ay namatay na, ngunit siya ay nabuhay; nawala, ngunit muling natagpuan.’ At sila nga'y nagdiwang.

25“Nasa bukid noon ang anak na panganay. Nang umuwi siya at malapit na sa bahay, narinig niya ang tugtugan at sayawan.

26Tinawag niya ang isang utusan at tinanong, ‘Bakit? Ano'ng mayroon sa atin?’

27‘Dumating po ang inyong kapatid!’ sagot ng alila. ‘Ipinapatay po ng inyong ama ang pinatabang guya dahil ang inyong kapatid ay nakabalik nang buháy at walang sakit.’

28Nagalit ang panganay at ayaw niyang pumasok sa bahay. Pinuntahan siya ng kanyang ama at pinakiusapan.

29Ngunit sumagot siya, ‘Pinaglingkuran ko kayo sa loob ng maraming taon at kailanma'y hindi ko kayo sinuway. Ngunit ni minsa'y hindi ninyo ako binigyan ng kahit isang maliit na kambing para magkasayahan kami ng aking mga kaibigan.

30Subalit nang dumating ang anak ninyong ito, na lumustay ng inyong kayamanan sa masasamang babae, ipinagpatay pa ninyo siya ng pinatabang guya!’

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

31Sumagot ang ama, 'Anak, lagi kitang kapiling at ang lahat ng aking ari-arian ay sa iyo.

32Nararapat lang na tayo'y magsaya at magdiwang, sapagkat namatay na ang kapatid mo, ngunit nabuhay; nawala, ngunit muling natagpuan.'"

## Lucas 16

### Ang Talinghaga ng Tusong Katiwala

1Sinabi rin ni Jesus sa kanyang mga alagad, "May taong mayaman na may isang katiwala. May nagsumbong sa kanyang nilulustay nito ang kanyang ari-arian.

2Kaya't ipinatawag niya ang katiwala at tinanong, 'Ano ba itong naririnig ko tungkol sa iyo? Ibigay mo sa akin ang ulat ng iyong pangangasiwa sapagkat tatanggalin na kita sa iyong tungkulin.'

3Sinabi ng katiwala sa kanyang sarili, 'Ano ang gagawin ko? Aalisin na ako ng aking amo sa pangangasiwa. Hindi ko kayang magbungkal ng lupa; nahihiya naman akong magpalimos.

4Alam ko na ang aking gagawin! Maalis man ako sa pangangasiwa ay may tatanggap naman sa akin sa kanilang tahanan.'

5Kaya't isa-isa niyang tinawag ang mga may utang sa kanyang amo. Tinanong niya ang una, 'Magkano ang utang mo sa aking amo?'

6Sumagot ito, 'Isandaang tapayang langis po.' Kaya sabi ng katiwala, 'Heto ang kasulatan ng iyong pagkakautang. Dali! Maupo ka't palitan mo, gawin mong limampu.'

7At tinanong naman niya ang isa, 'Ikaw, gaano ang utang mo?' Sumagot ito, 'Isandaang kabang trigo po.' 'Heto ang kasulatan ng iyong pagkakautang,' sabi niya. 'Isulat mo, walumpu.'

8Pinuri ng amo ang madayang katiwala dahil sa katusuhang ipinamalas nito. Sapagkat ang mga makasanlibutan ay mas tuso kaysa mga maka-Diyos sa paggamit ng mga bagay ng mundong ito."

9At nagpatuloy si Jesus sa pagsasalita, "Kaya't sinasabi ko sa inyo, gamitin ninyo ang kayamanan ng mundong ito sa paggawa ng mabuti sa inyong mga kapwa upang kung maubos na iyon ay tanggapin naman kayo sa tahanang walang hanggan.

10Ang mapagkakatiwalaan sa maliit na bagay ay mapagkakatiwalaan din sa malaking bagay; ang mandaraya sa maliit na bagay ay mandaraya rin sa malaking bagay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[11]Kaya kung hindi kayo mapagkakatiwalaan sa mga kayamanan ng mundong ito, sino ang magtitiwala sa inyo ng tunay na kayamanan?

[12]At kung hindi kayo mapagkakatiwalaan sa kayamanan ng iba, sino ang magbibigay sa inyo ng talagang para sa inyo?

[13]“Walang aliping maaaring maglingkod sa dalawang panginoon sapagkat kamumuhian niya ang isa at iibigin ang ikalawa, paglilingkuran nang tapat ang isa at hahamakin ang ikalawa. Hindi kayo maaaring maglingkod sa Diyos at sa kayamanan.”

### Hindi Mawawalan ng Bisa ang Kautusan

(Mt. 11:12-13; 5:31-32; Mc. 10:11-12)

[14]Nang marinig ito ng mga Pariseo, na mga sakim sa salapi, ay kinutya nila si Jesus.

[15]Kaya't sinabi niya sa kanila, “Kayo ang nagpapanggap na matuwid sa harapan ng mga tao, ngunit alam ng Diyos ang nilalaman ng inyong mga puso. Sapagkat ang itinuturing na mahalaga ng mga tao ay kasuklam-suklam sa paningin ng Diyos.

[16]“Ang Kautusan ni Moises at ang sinulat ng mga propeta ay may bisa hanggang sa pagdating ni Juan na Tagapagbautismo. Buhat noon ay ipinapangaral na ang Magandang Balita tungkol sa kaharian ng Diyos, at ang lahat ay nagpupumilit na makapasok dito.

[17]Mas madali pang maglaho ang langit at ang lupa kaysa mawalan ng bisa ang kahit isang tuldok ng Kautusan.

[18]“Kapag hiniwalayan ng isang lalaki ang kanyang asawa, at mag-asawa sa iba, siya ay nagkakasala ng pangangalunya, at ang mag-aasawa naman sa babaing hiniwalayan ay nagkakasala rin ng pangangalunya.”

### Ang Mayaman at si Lazaro

[19]“May isang mayamang laging nakasuot ng mamahaling damit at saganang-sagana sa pagkain araw-araw.

[20]May isa namang pulubing nagngangalang Lazaro na tadtad ng sugat sa katawan at nakahiga sa may pintuan ng mayaman

[21]sa hangad na matapunan man lamang ng mga mumong nahuhulog mula sa hapag ng mayaman. At doo'y nilalapitan siya ng mga aso at dinidilaan ang kanyang mga sugat.

[22]Namatay ang pulubi at siya'y dinala ng mga anghel sa piling ni Abraham. Namatay rin ang mayaman at inilibing.

[23]Sa gitna ng kanyang pagdurusa sa daigdig ng mga patay, natanaw ng mayaman si Lazaro sa piling ni Abraham.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

[24]Kaya't sumigaw siya, ‘Amang Abraham, maawa po kayo sa akin. Utusan po ninyo si Lazaro na isawsaw sa tubig ang dulo ng kanyang daliri at basain ang aking dila, dahil ako'y naghihirap sa apoy na ito.’

[25]Ngunit sumagot si Abraham, ‘Anak, alalahanin mong nagpasasa ka sa buhay noong ikaw ay nasa lupa, at si Lazaro naman ay nagtiis ng kahirapan. Subalit ngayon ay inaaliw siya rito samantalang ikaw nama'y nagdurusa riyan.

[26]Bukod dito, may malaking bangin sa pagitan natin, kaya't ang mga naririto ay hindi makakapunta diyan at ang mga naririyan ay hindi makakapunta rito.’

[27]“Ngunit sinabi ng mayaman, ‘Kung gayon po, Amang Abraham, ipinapakiusap kong papuntahin na lamang ninyo si Lazaro sa bahay ng aking ama,

[28]sa aking limang kapatid na lalaki. Suguin po ninyo siya upang sila'y bigyang-babala at nang hindi sila humantong sa dakong ito ng pagdurusa.’

[29]Ngunit sinabi sa kanya ni Abraham, ‘Nasa kanila ang mga kasulatan ni Moises at ng mga propeta; iyon ang kanilang pakinggan.’

[30]Sumagot ang mayaman, ‘Hindi po sapat ang mga iyon. Ngunit kung magpapakita sa kanila ang isang patay na muling nabuhay, magsisisi sila't tatalikuran ang kanilang mga kasalanan.’

[31]Sinabi naman sa kanya ni Abraham, ‘Kung ayaw nilang pakinggan ang mga sinulat ni Moises at ng mga propeta, hindi rin nila paniniwalaan kahit ang isang patay na muling nabuhay.’”

## Lucas 17

### Mga Sanhi ng Pagkakasala

(Mt. 18:6-7, 21-22; Mc. 9:42)

[1]Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Tiyak na darating ang mga sanhi ng pagkakasala; ngunit kakila-kilabot ang sasapitin ng taong panggagalingan niyon!

[2]Mabuti pa sa kanya ang bitinan sa leeg ng isang gilingang-bato at itapon sa dagat, kaysa maging sanhi ng pagkakasala ng sinuman sa mga maliliit na ito.

[3]Kaya't mag-ingat kayo! “Kung magkasala sa iyo ang kapatid mo, pagsabihan mo; at kung siya'y magsisi, patawarin mo.

[4]Kung pitong ulit siyang magkasala sa iyo sa maghapon, at pitong ulit ding lumapit sa iyo at sabihin niyang, ‘Nagsisisi ako,’ dapat mo siyang patawarin.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

### Pananampalataya sa Diyos

5Sinabi ng mga apostol sa Panginoon, “Dagdagan po ninyo ang aming pananampalataya!”

6Tumugon ang Panginoon, “Kung ang inyong pananampalataya ay sinlaki ng butil ng mustasa, masasabi ninyo sa punong ito ng sikamoro, ‘Mabunot ka at matanim sa dagat!’ at susundin kayo nito.”

### Ang Tungkulin ng Alipin

7“Kapag nanggaling ang inyong alipin sa pag-aararo o pagpapastol ng mga tupa sa bukid, inaanyayahan ba ninyo siya agad upang kumain?

8Hindi ba't ang sasabihin ninyo ay, ‘Ipaghanda mo ako ng hapunan, magbihis ka, at pagsilbihan mo ako habang ako'y kumakain. Pagkakain ko, saka ka kumain.’

9Pinasasalamatan ba ng amo ang kanyang alipin dahil sinusunod siya nito?

10Ganoon din naman kayo; kapag nagawa na ninyo ang lahat ng iniuutos sa inyo, sabihin ninyo, ‘Kami'y mga aliping walang kabuluhan; tumutupad lamang kami sa aming tungkulin.’”

### Pinagaling ang Sampung Ketongin

11Sa paglalakbay ni Jesus papuntang Jerusalem, nagdaan siya sa hangganan ng Samaria at Galilea.

12Habang papasok na siya sa isang nayon, sinalubong siya ng sampung ketongin. Tumigil ang mga ito sa may kalayuan

13at sumigaw, “Jesus! Panginoon! Mahabag po kayo sa amin!”

14Pagkakita sa kanila ay sinabi ni Jesus, “Lumakad na kayo at magpatingin sa mga pari.” Habang sila'y naglalakad, silang lahat ay gumaling at luminis.

15Nang mapuna ng isa na siya'y magaling na, nagbalik siyang sumisigaw ng pagpupuri sa Diyos.

16Nagpatirapa siya sa paanan ni Jesus at nagpasalamat. Ang taong ito'y isang Samaritano.

17“Hindi ba't sampu ang pinagaling?” tanong ni Jesus. “Nasaan ang siyam?

18Wala bang nagbalik upang magpuri sa Diyos kundi ang dayuhang ito?”

19Sinabi ni Jesus sa kanya, “Tumayo ka na at umuwi. Pinagaling ka ng iyong pananampalataya.”

### Ang Pagdating ng Kaharian ng Diyos
(Mt. 24:23-28, 37-41)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Minsan, si Jesus ay tinanong ng mga Pariseo kung kailan darating ang kaharian ng Diyos. Sumagot siya, “Walang makikitang palatandaan ng pagdating ng kaharian ng Diyos,

[21]at wala ring magsasabing ‘Narito na!’ o ‘Naroon!’ Sapagkat ang kaharian ng Diyos ay nasa inyo.”

[22]At sinabi niya sa mga alagad, “Darating ang panahon na hahangarin ninyong makita ang isa sa mga araw ng Anak ng Tao, ngunit hindi ninyo ito makikita.

[23]May magsasabi sa inyo, ‘Naroon!’ o, ‘Narito!’ Huwag kayong pupunta at huwag kayong maniniwala sa kanila.

[24]Sapagkat [pagsapit ng takdang araw,] ang Anak ng Tao ay darating na parang kidlat na nagliliwanag sa buong kalangitan.

[25]Ngunit kailangan munang magdanas siya ng maraming hirap at itakwil ng salinlahing ito.

[26]Ang pagparito ng Anak ng Tao ay matutulad sa kapanahunan ni Noe.

[27]Ang mga tao noo'y nagsisikain, nagsisiinom at nagsisipag-asawa hanggang sa araw na sumakay si Noe sa barko. Dumating ang baha at namatay silang lahat.

[28]Gayundin ang nangyari noong panahon ni Lot. Ang mga tao'y nagsisikain, nagsisiinom, bumibili, nagtitinda, nagtatanim at nagtatayo ng bahay.

[29]Ngunit nang araw na umalis si Lot sa Sodoma, umulan ng apoy at asupre at natupok silang lahat.

[30]Ganoon din ang mangyayari sa pagdating ng Anak ng Tao.

[31]“Sa araw na iyon, ang nasa bubungan ay huwag nang bumabâ pa upang kunin ang kanyang mga kasangkapan sa loob ng bahay, at ang nasa bukid ay huwag nang umuwi pa.

[32]Alalahanin ninyo ang asawa ni Lot.

[33]Ang sinumang magsikap na iligtas ang kanyang buhay ay mawawalan nito, ngunit ang sinumang mawalan ng kanyang buhay ay siyang makakapagligtas nito.

[34]Sinasabi ko sa inyo, sa gabing iyon, may dalawang taong nasa isang higaan; kukunin ang isa at iiwan ang isa.

[35]May dalawang babaing magkasamang nagtatrabaho sa gilingan; kukunin
ang isa at iiwan ang isa. [[36]May dalawang lalaking nagtatrabaho sa bukid;
kukunin ang isa at iiwan ang isa.]”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

37“Saan po ito mangyayari, Panginoon?” tanong ng kanyang mga alagad. Sumagot siya, “Kung nasaan ang bangkay, doon nagkakatipon ang mga buwitre.”

## Lucas 18

### Ang Biyuda at ang Hukom

1Isinalaysay ni Jesus ang isang talinghaga upang ituro sa kanila na dapat silang laging manalangin at huwag mawalan ng pag-asa.

2Sinabi niya, “Sa isang lungsod ay may isang hukom na walang takot sa Diyos at walang iginagalang na tao.

3Sa lungsod ding iyon ay may isang biyuda. Lagi siyang pumupunta sa hukom at sinasabi, ‘Bigyan po ninyo ako ng katarungan sa aking usapin.’

4Tinanggihan siya ng hukom sa loob ng mahabang panahon, ngunit nang magtagal ay sinabi ng hukom sa sarili, ‘Kahit ako'y walang takot sa Diyos at walang iginagalang na tao,

5ibibigay ko na ang katarungang hinihingi ng biyudang ito, sapagkat lagi niya akong ginagambala at baka mainis pa ako sa kapupunta niya rito.’”

6At nagpatuloy ang Panginoon, “Pakinggan ninyo ang sabi ng masamang hukom na iyon.

7Ngayon, ipagkakait kaya ng Diyos ang katarungan sa kanyang mga hinirang na dumaraing sa kanya araw-gabi? Sila kaya'y paghihintayin niya nang matagal?

8Sinasabi ko sa inyo, agad niyang ibibigay sa kanila ang katarungan. Ngunit sa pagbabalik ng Anak ng Tao, may daratnan pa kaya siyang mga taong may pananampalataya?”

### Ang Talinghaga ng Pariseo at ng Maniningil ng Buwis

9Sinabi rin niya ang talinghagang ito sa mga taong matuwid ang tingin sa sarili at hinahamak naman ang iba.

10“May dalawang lalaking pumasok sa Templo upang manalangin, ang isa ay Pariseo at ang isa ay maniningil ng buwis.

11Tumayo ang Pariseo at nanalangin nang ganito: ‘O Diyos, nagpapasalamat ako sa iyo sapagkat hindi ako katulad ng iba na mga magnanakaw, mandaraya, mangangalunya, o kaya'y katulad ng maniningil ng buwis na ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Dalawang beses akong nag-aayuno sa isang linggo at nagbibigay rin ako ng ikasampung bahagi mula sa lahat ng aking kinikita.’

13Samantala, ang maniningil ng buwis nama'y nakatayo sa malayo at di man lamang makatingin sa langit. Dinadagukan niya ang kanyang dibdib at sinasabi, ‘O Diyos, mahabag po kayo sa akin na isang makasalanan!’

14Sinasabi ko sa inyo, ang lalaking ito'y umuwing matuwid sa harapan ng Diyos, at hindi ang Pariseo. Sapagkat ang sinumang nagmamataas ay ibababa at ang nagpapakababa ay itataas.”

**Binasbasan ni Jesus ang Maliliit na Bata**

(Mt. 19:13-15; Mc. 10:13-16)

15Inilalapit ng mga tao kay Jesus pati ang kanilang mga sanggol upang ipatong niya sa mga ito ang kanyang mga kamay. Nang ito'y makita ng mga alagad, sinaway nila ang mga tao.

16Ngunit tinawag ni Jesus ang mga bata at sinabi, “Hayaan ninyong lumapit sa akin ang mga bata. Huwag ninyo silang pagbawalan sapagkat para sa mga katulad nila ang kaharian ng Diyos.

17Tandaan ninyo: ang sinumang hindi tumatanggap sa kaharian ng Diyos gaya ng pagtanggap ng isang bata ay hindi makakapasok doon.”

**Ang Lalaking Mayaman**

(Mt. 19:16-30; Mc. 10:17-31)

18May isang pinuno ng bayan na nagtanong kay Jesus, “Mabuting Guro, ano po ba ang dapat kong gawin upang makamtan ko ang buhay na walang hanggan?”

19Sumagot si Jesus, “Bakit mo ako tinatawag na mabuti? Ang Diyos lamang ang mabuti!

20Alam mo ang mga utos, ‘Huwag kang mangangalunya; huwag kang papatay; huwag kang magnanakaw; huwag kang tatayong saksi para sa kasinungalingan; at igalang mo ang iyong ama at ina.’”

21Sinabi ng lalaki, “Ang lahat pong iyan ay tinupad ko na mula pa sa pagkabata.”

22Pagkarinig nito ay sinabi ni Jesus, “Isang bagay pa ang kulang sa iyo. Ipagbili mo ang lahat ng iyong ari-arian at ipamahagi ang pinagbilhan sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit. Pagkatapos ay bumalik ka, at sumunod ka sa akin.”

23Nalungkot ang lalaki nang marinig iyon, sapagkat siya'y napakayaman.

24Nakita ni Jesus na nalulungkot ang lalaki kaya't sinabi niya, “Napakahirap para sa mga mayayaman ang makapasok sa kaharian ng Diyos!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Mas madali pang makaraan sa butas ng karayom ang isang kamelyo kaysa makapasok sa kaharian ng Diyos ang isang mayaman."

26Nagtanong ang mga taong nakarinig nito, "Kung gayon, sino ang maliligtas?"

27"Ang mga bagay na hindi kayang gawin ng tao ay kayang gawin ng Diyos," tugon ni Jesus.

28Sinabi naman ni Pedro, "Tingnan po ninyo, iniwan na namin ang aming mga tahanan at sumunod sa inyo."

29Sinabi sa kanila ni Jesus, "Tandaan ninyo: kapag iniwan ninuman ang kanyang tahanan, asawa, mga kapatid, mga magulang, o mga anak alang-alang sa kaharian ng Diyos,

30tatanggap siya ng higit pa sa panahong ito. At sa panahong darating, tatanggap siya ng buhay na walang hanggan."

**Ikatlong Pagsasabi ni Jesus tungkol sa Kanyang Kamatayan**
(Mt. 20:17-19; Mc. 10:32-34)

31Ibinukod ni Jesus ang Labindalawa at sinabi sa kanila, "Pupunta tayo sa Jerusalem at doo'y matutupad ang lahat ng isinulat ng mga propeta tungkol sa Anak ng Tao.

32Siya'y ibibigay sa kamay ng mga Hentil; kukutyain, hahamakin, at duduraan.

33Siya'y hahagupitin at papatayin, ngunit sa ikatlong araw ay muli siyang mabubuhay."

34Subalit ang Labindalawa ay walang naunawaan sa kanilang narinig; inilihim sa kanila ang kahulugan niyon, at hindi nila nalalaman ang sinasabi ni Jesus.

**Pinagaling ang Lalaking Bulag**
(Mt. 20:29-34; Mc. 10:46-52)

35Nang malapit na si Jesus sa Jerico, may isang lalaking bulag na nakaupo sa tabi ng daan at namamalimos.

36Nang marinig niyang nagdaraan ang maraming tao, itinanong niya kung ano ang nangyayari.

37"Nagdaraan si Jesus na taga-Nazaret," sabi nila sa kanya.

38At siya'y sumigaw, "Jesus, Anak ni David! Mahabag po kayo sa akin!"

39Sinaway siya ng mga taong nasa unahan, ngunit lalo pa niyang nilakasan ang pagsigaw, "Anak ni David, mahabag po kayo sa akin!"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

40Tumigil si Jesus at ipinatawag ang bulag. Paglapit ng bulag ay tinanong siya ni Jesus,

41“Ano ang gusto mong gawin ko para sa iyo?” “Panginoon, gusto ko po sanang makakitang muli,” sagot niya.

42At sinabi ni Jesus, “Makakita ka! Pinagaling ka ng iyong pananampalataya.”

43Noon di'y nakakita ang bulag at nagpupuri sa Diyos na sumunod kay Jesus. Nang makita ito ng mga tao, silang lahat ay nagpuri sa Diyos.

## Lucas 19

### Nakilala ni Zaqueo si Jesus

1Pumasok si Jesus sa Jerico at naglakad sa kabayanan.

2May isang tao roong ang pangalan ay Zaqueo, isang pinuno ng mga maniningil ng buwis at siya'y mayaman.

3Sinikap niyang makita si Jesus upang makilala kung sino ito, ngunit sa dami ng tao, hindi niya ito makita dahil siya'y pandak.

4Kaya't patakbo siyang nauna sa dadaanan ni Jesus at umakyat sa isang puno ng sikamoro.

5Pagtapat ni Jesus sa lugar na iyon, tumingala siya kay Zaqueo at sinabi, “Zaqueo, bumabâ ka agad sapagkat kailangan kong tumuloy ngayon sa iyong bahay.”

6Nagmamadaling bumabâ si Zaqueo, at tuwang-tuwang tinanggap si Jesus sa kanyang bahay.

7Lahat ng nakakita nito ay nagbulung-bulungan. “Nakikituloy siya sa isang makasalanan,” sabi nila.

8Tumayo si Zaqueo at sinabi niya kay Jesus, “Panginoon, ipamimigay ko po sa mga mahihirap ang kalahati ng aking mga kayamanan. At kung ako'y may nadayang sinuman, isasauli ko ito sa kanya ng maka-apat na beses.”

9At sinabi sa kanya ni Jesus, “Ang kaligtasan ay dumating ngayon sa sambahayang ito sapagkat anak din ni Abraham ang taong ito.

10Ang Anak ng Tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang naligaw.”

### Ang Talinghaga ng Salaping Ginto

(Mt. 25:14-30)

11Habang ang mga tao ay nakikinig, nagpatuloy si Jesus sa pagsasalita at isinalaysay niya sa kanila ang isang talinghaga. Si Jesus ay malapit na noon

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

sa Jerusalem at inakala ng mga tao na darating na agad ang kaharian ng Diyos.

12Kaya't sinabi niya, “May isang maharlikang pumunta sa malayong lupain upang siya'y gawing hari, at pagkatapos nito, siya ay babalik.

13Subalit bago siya umalis, tinawag niya ang sampu sa kanyang mga alipin at binigyan ang mga ito ng tig-iisang gintong salapi. Sinabi niya sa kanila, ‘Ipangalakal ninyo iyan hanggang sa aking pagbabalik.’

14Ngunit galit sa kanya ang kanyang mga nasasakupan, kaya't nagsugo sila ng kinatawan upang sabihin sa kinauukulan, ‘Ayaw naming maghari sa amin ang taong iyon.’

15Gayunpaman ay ginawa rin siyang hari. “Nang makabalik na siya at nagsimulang maghari, ipinatawag niya ang mga aliping binigyan ng gintong salapi, upang malaman kung magkano ang tinubo ng bawat isa.

16Lumapit sa kanya ang una at ganito ang sinabi, ‘Panginoon, ang isang gintong salaping ibinigay ninyo ay tumubo ng sampu.’

17‘Magaling,’ sagot niya. ‘Mabuting alipin! Dahil naging tapat ka sa kakaunting ipinagkatiwala sa iyo, pamamahalain kita sa sampung lungsod.’

18Lumapit naman ang ikalawa at ang sabi, ‘Panginoon, ang gintong salaping iniwan ninyo sa akin ay tumubo ng lima.’

19At sinabi niya sa alipin, ‘Mamamahala ka sa limang lungsod.’

20Lumapit ang isa pang alipin at ganito naman ang sinabi, ‘Panginoon, narito po ang inyong gintong salapi. Binalot ko po ito sa panyo at itinago.

21Natatakot po ako sa inyo dahil kayo'y napakahigpit; kinukuha ninyo ang hindi sa inyo at inaani ang hindi ninyo itinanim.’

22Sinagot siya ng hari, ‘Masamang alipin! Sa salita mong iyan ay hahatulan kita. Alam mo palang ako'y mahigpit at sinasabi mo pang kinukuha ko ang hindi sa akin at inaani ko ang hindi ko itinanim.

23Bakit hindi mo na lamang idineposito sa bangko ang aking salapi? May tinubo sana iyan bago ako dumating.’

24At sinabi niya sa mga naroon, ‘Kunin ninyo sa kanya ang gintong salapi at ibigay sa may sampu.’

25‘Panginoon, siya po'y mayroon nang sampung gintong salapi,’ sabi nila.

26‘Sinasabi ko sa inyo, ang mayroon ay bibigyan pa, ngunit ang wala, kahit ang kaunting nasa kanya ay kukunin pa.

27Tungkol naman sa mga kaaway kong ayaw na ako'y maghari sa kanila, dalhin ninyo sila rito at patayin sa harap ko!’”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang Matagumpay na Pagpasok sa Jerusalem
(Mt. 21:1-11; Mc. 11:1-11; Jn. 12:12-19)

28Pagkasabi nito, nauna si Jesus papuntang Jerusalem.

29Nang malapit na siya sa Bethfage at Bethania, sa Bundok ng mga Olibo, isinugo niya ang dalawa sa kanyang mga alagad.

30Sinabi niya sa kanila, “Pumunta kayo sa susunod na nayon. Sa pagpasok doo'y matatagpuan ninyo ang isang batang asno na nakatali; hindi pa iyon nasasakyan ninuman. Kalagan ninyo at dalhin dito.

31Kapag may nagtanong kung bakit ninyo iyon kinakalagan, sabihin ninyong kailangan iyon ng Panginoon.”

32Lumakad nga ang mga inutusan at natagpuan nila ang asno, ayon sa sinabi ni Jesus.

33Habang kinakalagan nila ang batang asno, tinanong sila ng mga may-ari, “Bakit ninyo kinakalagan iyan?”

34“Kailangan po ito ng Panginoon,” tugon nila.

35Dinala nila kay Jesus ang asno, at matapos isapin sa likod nito ang kanilang mga balabal, siya'y pinasakay nila.

36Habang siya'y nakasakay sa asno, inilalatag naman ng mga tao ang kanilang mga balabal sa kanyang dinaraanan.

37Nang siya'y malapit na sa lungsod, palusong na sa libis ng Bundok ng mga Olibo, nagsigawan sa tuwa ang lahat ng alagad niya at malakas na nagpuri sa Diyos dahil sa mga kahanga-hangang pangyayaring kanilang nasaksihan.

38Sinabi nila, “Pinagpala ang haring dumarating sa pangalan ng Panginoon! Kapayapaan sa langit! Papuri sa Kataas-taasan!”

39Sinabi naman sa kanya ng ilang Pariseong kasama ng karamihan, “Guro, patigilin ninyo ang inyong mga alagad.”

40Sumagot siya, “Sinasabi ko sa inyo, kapag tumahimik sila, ang mga bato na ang sisigaw.”

### Tinangisan ni Jesus ang Jerusalem

41Nang malapit na siya sa Jerusalem at natatanaw na niya ang lungsod, ito'y kanyang tinangisan.

42Sinabi niya, “Kung nalalaman mo lamang sa araw na ito kung ano ang makakapagdulot sa iyo ng kapayapaan! Ngunit ito'y lingid ngayon sa iyong paningin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

43Darating ang mga araw na magkakampo sa paligid mo ang iyong mga kaaway, palilibutan ka nila at gigipitin sa kabi-kabila.

44Wawasakin ka nila at lilipulin ang lahat ng iyong mamamayan. Wala silang iiwanang magkapatong na bato sapagkat hindi mo pinansin ang pagdalaw sa iyo ng Diyos."

### Si Jesus sa Templo

(Mt. 21:12-17; Mc. 11:15-19; Jn. 2:13-22)

45Pumasok si Jesus sa Templo at sinimulang ipagtabuyan ang mga nagtitinda roon.

46Sinabi niya sa kanila, "Nasusulat, 'Ang aking bahay ay tatawaging bahay-dalanginan.' Ngunit ginawa ninyo itong lungga ng mga magnanakaw."

47Araw-araw, si Jesus ay nagtuturo sa loob ng Templo. Pinagsikapan siyang ipapatay ng mga punong pari, mga tagapagturo ng Kautusan at mga pinuno ng bayan.

48Subalit wala silang makitang paraan upang maisagawa ito dahil taimtim na nakikinig sa kanya ang buong bayan.

## Lucas 20

### Pag-aalinlangan sa Kapangyarihan ni Jesus

(Mt. 21:23-27; Mc. 11:27-33)

1Isang araw, habang si Jesus ay nagtuturo sa loob ng Templo at nangangaral ng Magandang Balita, nilapitan siya ng mga punong pari at mga tagapagturo ng Kautusan, kasama ang mga pinuno ng bayan.

2Sinabi nila sa kanya, "Sabihin mo nga sa amin kung ano ang karapatan mong gumawa ng mga bagay na ito? Sino ang nagbigay sa iyo ng ganyang karapatan?"

3Sumagot si Jesus, "Tatanungin ko muna kayo. Sabihin ninyo sa akin kung

4kanino galing ang karapatan ni Juan na magbautismo, sa Diyos ba o sa tao?"

5Kaya't nag-usap-usap sila, "Kung sasabihin nating sa Diyos, sasabihin naman niya sa atin, 'Bakit hindi kayo naniwala sa kanya?'

6Subalit kung sasabihin naman nating mula sa tao, babatuhin tayo ng mga tao dahil naniniwala silang propeta si Juan."

7Kaya't ang sagot na lamang nila'y, "Hindi namin alam!"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[8]Kaya't sinabi ni Jesus sa kanila, "Kung gayon, hindi ko rin sasabihin sa inyo kung sino ang nagbigay sa akin ng karapatan upang gawin ang mga ito."

### Ang Talinghaga ng Ubasan at sa mga Magsasaka

(Mt. 21:33-46; Mc. 12:1-12)

[9]Pagkatapos, isinalaysay ni Jesus sa mga tao ang talinghagang ito. "May isang taong nagtanim ng ubas sa kanyang bukid. Pinaupahan niya iyon sa mga magsasaka at siya'y nangibang-bayan sa loob ng mahabang panahon.

[10]Nang dumating ang panahon ng pitasan ng ubas, pinapunta niya sa mga magsasaka ang isa niyang alipin upang kunin ang kanyang bahagi. Ngunit binugbog ng mga magsasaka ang alipin at pinauwing walang dala.

[11]Nagsugo siyang muli ng isa pang alipin at ito rin ay binugbog, hinamak at pinauwing walang dala.

[12]Nagsugo pa siya ng ikatlo, subalit sinugatan din ito at ipinagtabuyan.

[13]Napag-isip-isip ng may-ari ng ubasan, 'Ano kaya ang mabuti kong gawin? Mabuti pa'y papuntahin ko ang minamahal kong anak. Tiyak na siya'y igagalang nila.'

[14]Ngunit nang makita ng mga magsasaka ang anak, nag-usap-usap sila at sinabi, 'Ito ang tagapagmana. Patayin natin siya at nang mapasaatin ang kanyang mamanahin.'

[15]Siya'y inihagis nila sa labas ng ubasan at pinatay. "Ano kaya ang gagawin sa kanila ng may-ari ng ubasan?" tanong ni Jesus.

[16]"Pupunta siya roon at papatayin ang mga magsasakang iyon, at ipapaupa niya sa iba ang ubasan." Pagkarinig nito, sinabi ng mga tao, "Huwag nawa itong mangyari!"

[17]Tiningnan sila ni Jesus at tinanong, "Kung gayon, ano ang kahulugan ng nasusulat na ito, 'Ang batong itinakwil ng mga tagapagtayo ng bahay ang siyang naging batong-panulukan'?

[18]Ang bumagsak sa batong ito ay magkakadurug-durog at ang mabagsakan nito'y magkakaluray-luray."

### Tungkol sa Pagbabayad ng Buwis

(Mt. 22:15-22; Mc. 12:13-17)

[19]Tinangka ng mga tagapagturo ng Kautusan at ng mga punong pari na dakpin si Jesus sa oras ding iyon sapagkat nahalata nilang sila ang tinutukoy niya sa talinghaga, ngunit natakot sila sa mga tao.

[20]Kaya't naghintay sila ng magandang pagkakataon. Sinuhulan nila ang ilang katao upang magkunwaring tapat na naghahanap ng katotohanan. Ginawa nila ito upang siluin si Jesus sa kanyang pananalita, at nang sa gayon ay mapasailalim siya sa karapatan at kapangyarihan ng gobernador.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Sinabi ng mga espiya kay Jesus, "Guro, alam po naming totoo ang inyong sinasabi at itinuturo. Hindi kayo nagtatangi ng tao, kundi itinuturo ninyo nang buong katotohanan ang ibig ng Diyos na gawin ng tao.

22Dapat po ba tayong magbayad ng buwis sa Emperador, o hindi?"

23Alam ni Jesus ang kanilang masamang balak kaya't sinabi niya,

24"Iabot ninyo sa akin ang isang salaping pilak. Kanino ang larawan at ang pangalang nakaukit dito?" "Sa Emperador po," tugon nila.

25Sinabi naman ni Jesus, "Kung gayon, ibigay ninyo sa Emperador ang para sa Emperador, at sa Diyos ang para sa Diyos."

26Nabigo sa harap ng madla ang hangarin nilang masilo siya sa kanyang pananalita. At hindi sila nakaimik dahil sa pagkamangha sa kanyang sagot.

### Katanungan tungkol sa Muling Pagkabuhay

(Mt. 22:23-33; Mc. 12:18-27)

27Ilang Saduseo naman ang lumapit kay Jesus. Ang mga ito ay nagtuturong walang muling pagkabuhay ng mga patay.

28Sabi nila, "Guro, isinulat ni Moises para sa atin ang batas na ito, 'Kung mamatay ang isang lalaki at maiwang walang anak ang kanyang asawa, ang kapatid ng lalaki'y dapat pakasal sa biyuda upang magkaanak sila para sa namatay.'

29Mayroong pitong magkakapatid na lalaki. Nag-asawa ang panganay at namatay na walang anak.

30Nagpakasal sa biyuda ang pangalawa, subalit ito'y namatay ding walang anak.

31Ganoon din ang nangyari sa pangatlo hanggang sa pampito. At silang lahat ay namatay na walang anak.

32Sa kahuli-hulihan, namatay naman ang babae.

33Ngayon, sa muling pagkabuhay, sino sa pito ang kikilalaning asawa ng babae, yamang silang lahat ay napangasawa niya?"

34Sumagot si Jesus, "Sa buhay na ito, ang mga lalaki at mga babae ay nag-aasawa.

35Ngunit ang mga lalaki't babaing karapat-dapat na mapasama sa muling pagkabuhay ay hindi na mag-aasawa.

36Hindi na rin sila mamamatay sapagkat matutulad sila sa mga anghel. Sila'y mga anak ng Diyos dahil sila'y napabilang sa mga muling binuhay.

37Maging si Moises ay nagpapatunay na muling binubuhay ang mga patay. Sapagkat sa salaysay tungkol sa nagliliyab na mababang puno, ang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Panginoon ay tinawag niyang ‘Diyos ni Abraham, Diyos ni Isaac at Diyos ni Jacob.’

38Ang Diyos ay hindi Diyos ng mga patay kundi ng mga buháy, sa kanya'y nabubuhay ang lahat.”

39Sinabi ng ilan sa mga tagapagturo ng Kautusan, “Guro, maganda ang sagot ninyo!”

40At mula noon ay wala nang naglakas-loob na magtanong sa kanya.

### Katanungan tungkol sa “Anak ni David”

(Mt. 22:41-46; Mc. 12:35-37)

41Si Jesus naman ang nagtanong sa kanila, “Paano nasasabi ng mga tao na ang Cristo ay anak ni David?

42Si David na rin ang nagsabi sa Aklat ng mga Awit, ‘Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon, “Maupo ka sa kanan ko,

43hanggang lubusan kong mapasuko sa iyo ang mga kaaway mo.”’

44Ngayon, kung ‘Panginoon’ ang tawag ni David sa Cristo, bakit sinasabi ng mga tao na siya'y anak ni David?”

### Babala Laban sa mga Tagapagturo ng Kautusan

(Mt. 23:1-36; Mc. 12:38-40)

45Habang nakikinig ang lahat kay Jesus, sinabi niya sa kanyang mga alagad,

46“Mag-ingat kayo sa mga tagapagturo ng Kautusan na mahilig lumakad nang may mahahabang kasuotan at gustung-gustong batiin sa mga pamilihan. Mahilig silang umupo sa mga pangunahing upuan sa mga sinagoga at sa mga upuang pandangal sa mga handaan.

47Inuubos nila ang kabuhayan ng mga biyuda, at ginagamit ang kanilang mahahabang dasal bilang pakitang-tao. Dahil diyan, lalo pang bibigat ang parusa sa kanila.”

## Lucas 21

### Ang Handog ng Isang Biyuda

(Mc. 12:41-44)

1Nang tumingin si Jesus sa paligid, nakita niya ang mayayaman na naglalagay ng mga handog sa Templo.

2Nakita rin niya ang isang dukhang biyuda na naghulog ng dalawang salaping tanso.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Sinabi niya, “Ang inihandog ng dukhang biyudang iyon ay higit pa sa inihandog nilang lahat.

4Ang inilagay nila ay bahagi lamang ng kanilang kasaganaan, ngunit ang kanyang ibinigay ay ang buo niyang kabuhayan.”

### Tungkol sa Pagkawasak ng Templo

(Mt. 24:1-2; Mc. 13:1-2)

5May ilang tao namang nag-uusap tungkol sa Templo. Pinag-uusapan nila ang naglalakihan at magagandang batong ginamit dito at ang mga palamuting inihandog ng mga tao. Kaya't sinabi sa kanila ni Jesus,

6“Darating ang panahon na ang lahat ng nakikita ninyong iyan ay iguguho, at walang matitirang magkakapatong na mga bato.”

### Mga Kahirapan at Pag-uusig na Darating

(Mt. 24:3-14; Mc. 13:3-13)

7Tinanong nila si Jesus, “Guro, kailan po mangyayari iyon? At ano ang magiging palatandaang iyon ay magaganap na?”

8Sumagot si Jesus, “Mag-ingat kayo upang hindi kayo mailigaw ninuman! Marami ang darating sa aking pangalan at magsasabi, ‘Ako ang Cristo,’ at, ‘Dumating na ang panahon!’ Huwag kayong susunod sa kanila.

9Huwag kayong matatakot kung makabalita man kayo ng mga digmaan at mga himagsikan. Dapat munang mangyari ang mga iyon subalit hindi kaagad darating ang wakas.”

10At sinabi pa niya, “Maglalaban-laban ang mga bansa at ang mga kaharian.

11Magkakaroon ng malalakas na lindol, taggutom at mga salot sa iba't ibang dako. May lilitaw na mga kakaibang bagay at mga kakila-kilabot na kababalaghan buhat sa langit.

12“Ngunit bago mangyari ang lahat ng ito, kayo'y dadakpin at uusigin. Kayo'y lilitisin sa mga sinagoga at ipabibilanggo. At dahil sa pagsunod ninyo sa akin, isasakdal kayo sa harap ng mga hari at mga gobernador.

13Iyon ang pagkakataon ninyo upang makapagpatotoo tungkol sa akin.

14Ipagpasya ninyo na huwag kayong mabahala kung paano ninyo ipagtatanggol ang inyong sarili,

15sapagkat bibigyan ko kayo ng pananalita at karunungang hindi kayang tutulan o pabulaanan ng sinuman sa inyong mga kaaway.

16Ipagkakanulo kayo kahit ng inyong mga magulang, mga kapatid, mga kamag-anak at mga kaibigan; at ipapapatay nila ang ilan sa inyo.

17Kapopootan kayo ng lahat dahil sa akin,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18ngunit hindi kayo malalagasan kahit isang hibla ng buhok.

19Sa inyong pagtitiis ay maililigtas ninyo ang inyong buhay."

### Ang Darating na Pagkawasak ng Jerusalem
(Mt. 24:15-21; Mc. 13:14-19)

20"Kapag nakita ninyong napapaligiran na ng mga hukbo ang Jerusalem, tandaan ninyo, malapit na ang pagkawasak nito.

21Ang mga nasa Judea ay dapat nang tumakas papunta sa kabundukan, ang mga nasa bayan ay dapat nang lumabas, at ang mga nasa bukid ay huwag nang pumasok sa bayan.

22Sapagkat iyon ang mga araw ng pagpaparusa bilang katuparan ng mga sinasabi sa Kasulatan.

23Kawawa ang mga nagdadalang-tao at ang mga nagpapasuso sa mga araw na iyon dahil magkakaroon ng malaking kapighatian sa lupaing ito at darating ang pagpaparusa ng Diyos sa bansang ito.

24Mamamatay sila sa tabak, at ang iba'y dadalhing-bihag sa lahat ng bansa. Ang Jerusalem ay yuyurakan ng mga Hentil hanggang sa matapos ang panahong itinakda sa kanila."

### Ang Pagdating ng Anak ng Tao
(Mt. 24:29-31; Mc. 13:24-27)

25"Magkakaroon ng mga palatandaan sa araw, sa buwan, at sa mga bituin. Sa lupa, ang mga bansa ay masisindak at malilito dahil sa ugong at mga daluyong ng dagat.

26Ang mga tao'y hihimatayin sa takot dahil sa pag-iisip sa mga kapahamakang darating sa sanlibutan sapagkat mayayanig ang mga kapangyarihan sa langit.

27Sa panahong iyon, makikita nila ang Anak ng Taong dumarating na nasa alapaap, at may kapangyarihan at dakilang karangalan.

28Kapag nagsimula nang mangyari ang mga ito, tumayo kayo at tumingala sapagkat malapit na ang pagliligtas sa inyo."

### Ang Aral mula sa Puno ng Igos
(Mt. 24:32-35; Mc. 13:28-31)

29At sinabi sa kanila ni Jesus ang isang talinghaga, "Tingnan ninyo ang puno ng igos at iba pang punongkahoy.

30Kapag nagkakadahon na ang mga ito, alam ninyong malapit na ang tag-araw.

31Gayundin naman, kapag nakita ninyong nangyayari na ang mga sinabi ko, malalaman ninyong malapit na ang kaharian ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

32Tandaan ninyo: magaganap ang lahat ng ito bago lumipas ang salinlahing ito.

33Lilipas ang langit at ang lupa, ngunit ang aking mga salita ay hindi lilipas kailanman.”

**Mag-ingat Kayo**

34“Mag-ingat kayo na huwag kayong malulong sa labis na pagsasaya, paglalasing at matuon ang inyong pag-iisip sa mga alalahanin sa buhay na ito; kung hindi ay bigla kayong aabutan ng Araw na iyon

35na tulad ng isang bitag. Sapagkat darating ang Araw na iyon sa lahat ng tao sa ibabaw ng lupa.

36Kaya't maging handa kayo sa lahat ng oras. Lagi ninyong idalangin na magkaroon kayo ng kalakasan upang malampasan ninyo ang lahat ng mangyayaring ito, at makatayo kayo sa harap ng Anak ng Tao.”

37Araw-araw, si Jesus ay nagtuturo sa Templo. Kung gabi nama'y umaalis siya at nagpapalipas ng magdamag sa Bundok ng mga Olibo.

38Maaga pa'y pumupunta na sa Templo ang mga tao upang makinig sa kanya.

## Lucas 22

**Ang Balak Laban kay Jesus**
(Mt. 26:1-5; Mc. 14:1-2; Jn. 11:45-53)

1Malapit nang ipagdiwang noon ang Pista ng Tinapay na Walang Pampaalsa na tinatawag ding Pista ng Paskwa.

2Ang mga punong pari at mga tagapagturo ng Kautusan ay naghahanap ng paraan upang mapatay nila si Jesus, ngunit nag-iingat sila dahil natatakot sila sa mga tao.

**Nakipagkasundo si Judas sa mga Kaaway ni Jesus**
(Mt. 26:14-16; Mc. 14:10-11)

3Noon nama'y pumasok si Satanas kay Judas, na tinatawag na Iscariote, na kabilang sa Labindalawa.

4Kaya't nakipagkita siya sa mga punong pari at sa mga pinuno ng bantay sa Templo upang kanilang pag-usapan kung paano niyang maipagkakanulo si Jesus.

5Natuwa sila at pumayag na babayaran si Judas ng salapi.

6Nakipagkasundo siya, at mula noo'y humanap na siya ng pagkakataong maipagkanulo si Jesus nang hindi namamalayan ng mga tao.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Paghahanda para sa Pista ng Paskwa
(Mt. 26:17-25; Mc. 14:12-21; Jn. 13:21-30)

7Sumapit ang Pista ng Tinapay na Walang Pampaalsa na siyang araw ng pagpatay at paghahandog ng korderong Pampaskwa.

8Inutusan ni Jesus sina Pedro at Juan, “Lumakad na kayo at ihanda ninyo ang ating Hapunang Pampaskwa.”

9“Saan po ninyo nais na maghanda kami?” tanong nila.

10Sumagot siya, “Pumunta kayo sa lungsod. May masasalubong kayong lalaki na may dalang isang banga ng tubig. Sundan ninyo siya sa bahay na kanyang papasukan.

11Sabihin ninyo sa may-ari ng bahay, ‘Ipinapatanong po ng Guro kung nasaan ang silid na maaaring magamit niya at ng kanyang mga alagad para sa Hapunang Pampaskwa.’

12Ipapakita niya sa inyo ang isang malaking silid sa itaas na may nakahanda nang kagamitan. Doon kayo maghanda.”

13Lumakad sila at natagpuan ang lahat ayon sa sinabi ni Jesus. At inihanda nila ang Hapunang Pampaskwa.

### Itinatag ang Banal na Hapunan ng Panginoon
(Mt. 26:26-30; Mc. 14:22-26; 1 Cor. 11:23-25)

14Nang sumapit na ang oras, dumulog si Jesus sa hapag kasama ang kanyang mga apostol.

15Sinabi niya sa kanila, “Matagal ko nang hinahangad na makasalo kayo sa Hapunang Pampaskwa na ito bago ako magdusa.

16Sinasabi ko sa inyo, hindi na ako muling kakain nito hanggang sa ito'y maganap sa kaharian ng Diyos.”

17Dumampot siya ng isang kopa, at matapos magpasalamat sa Diyos ay ibinigay iyon sa kanila, at nagsabi, “Kunin ninyo ito at paghati-hatian.

18Sinasabi ko sa inyo, mula ngayo'y hindi na ako iinom nitong katas ng ubas hanggang sa pagdating ng kaharian ng Diyos.”

19Dumampot din siya ng tinapay, at matapos magpasalamat sa Diyos ay kanyang pinaghati-hati iyon at ibinigay sa kanila. Sabi niya, “Ito ang aking katawan [na inihahandog para sa inyo. Gawin ninyo ito bilang pag-alaala sa akin.”

20Gayundin naman, dinampot niya ang kopa pagkatapos maghapunan at sinabi, “Ang kopang ito ang bagong tipan ng Diyos na pinagtibay ng aking dugo. Ang aking dugo ay mabubuhos alang-alang sa inyo].

21“Ngunit kasalo ko rito ang magkakanulo sa akin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Papanaw ang Anak ng Tao ayon sa itinakda ng Diyos, ngunit kahabag-habag ang taong magkakanulo sa kanya."

23At sila'y nagtanungan kung sino sa kanila ang gagawa ng ganoon.

### Ang Pinakadakila

24Nagtalu-talo rin ang mga alagad kung sino sa kanila ang dapat kilalaning pinakadakila.

25Kaya't sinabi ni Jesus sa kanila, "Pinipilit ng mga hari ng mga Hentil na sila'y ituring na panginoon ng kanilang nasasakupan, at ang mga may kapangyarihan ay nagnanasang matawag na mga tagatangkilik.

26Ngunit hindi ganoon ang dapat mangyari sa inyo. Sa halip, ang pinakadakila ang dapat lumagay na pinakamababa, at ang namumuno ay maging tagapaglingkod.

27Sino ba ang higit na nakakataas, ang nakadulog sa hapag, o ang naglilingkod? Hindi ba ang nakadulog sa hapag? Ngunit ako'y kasama ninyo bilang isang naglilingkod.

28"Kayo ang nanatiling kasama ko sa mga pagsubok sa akin.

29Kung paanong ang Ama ay nagbigay sa akin ng karapatang maghari, gayundin naman, ibinibigay ko sa inyo ang karapatang ito.

30Kayo'y kakain at iinom na kasalo ko sa aking kaharian, at kayo'y uupo sa mga trono at mamumuno sa labindalawang lipi ng Israel."

### Ang Pagkakaila ni Pedro

(Mt. 26:31-35; Mc. 14:27-31; Jn. 13:36-38)

31"Simon, Simon! Makinig ka! Hiniling ni Satanas na subukin kayo tulad sa ginagawa ng magsasaka na inihihiwalay ang ipa sa mga trigo.

32Subalit idinalangin kita upang huwag manghina ang iyong pananampalataya. At kapag nagbalik-loob ka na, patatagin mo ang iyong mga kapatid."

33Sumagot si Pedro, "Panginoon, handa po akong mabilanggo at mamatay na kasama ninyo!"

34Ngunit sinabi ni Jesus, "Pedro, tandaan mo ito, bago tumilaok ang manok sa araw na ito ay tatlong beses mo akong ikakaila."

### Paghahanda sa Darating na Pagsubok

35Pagkatapos nito, tinanong sila ni Jesus, "Nang suguin ko kayong walang dalang lalagyan ng pera, balutan, o sandalyas, kinulang ba kayo ng anuman?" "Hindi po," tugon nila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

36Sinabi niya, “Subalit ngayon, kung kayo'y may balutan o lalagyan ng pera, dalhin na ninyo. Ang sinumang walang tabak, ipagbili ang kanyang balabal at bumili ng isang tabak.

37Sinasabi ko sa inyo, dapat matupad sa akin ang sinasabi ng Kasulatang ito, ‘Ibinilang siya sa mga salarin,’ sapagkat ang nasusulat tungkol sa akin ay natutupad na.”

38Sinabi ng mga alagad, “Panginoon, heto po ang dalawang tabak.” “Sapat na iyan!” tugon niya.

**Nanalangin si Jesus**
(Mt. 26:36-46; Mc. 14:32-42)

39Lumabas si Jesus, at gaya ng kanyang kinagawian, nagpunta siya sa Bundok ng mga Olibo kasama ang mga alagad.

40Pagdating doo'y sinabi niya sa kanila, “Manalangin kayo upang hindi kayo madaig ng tukso.”

41Iniwan niya sila at pumunta sa di-kalayuan, at doo'y lumuhod at nanalangin.

42Sabi niya, “Ama, kung loloobin mo, ilayo mo sa akin ang kopang ito, ngunit huwag ang kalooban ko ang masunod, kundi ang kalooban mo.”
[43Nagpakita sa kanya ang isang anghel mula sa langit at pinalakas ang loob niya.

44Dala ng matinding hinagpis, siya'y nanalangin nang lalong taimtim, at pumatak sa lupa ang kanyang pawis na parang malalaking patak ng dugo.]

45Pagkatapos manalangin, siya'y tumayo at lumapit sa kanyang mga alagad. Naratnan niyang natutulog ang mga ito dahil sa labis na kalungkutan.

46“Bakit kayo natutulog?” tanong niya. “Bumangon kayo at manalangin upang hindi kayo madaig ng tukso.”

**Ang Pagdakip kay Jesus**
(Mt. 26:47-56; Mc. 14:43-50; Jn. 18:3-11)

47Nagsasalita pa si Jesus nang dumating ang maraming taong pinangungunahan ni Judas, na kabilang sa Labindalawa. Nilapitan niya si Jesus upang halikan,

48subalit tinanong siya ni Jesus, “Judas, ipagkakanulo mo ba ang Anak ng Tao sa pamamagitan ng isang halik?”

49Nang makita ng mga alagad ang mangyayari ay sinabi nila, “Panginoon, gagamitin na ba namin ang aming tabak?”

50Kaagad tinaga ng isa sa kanila ang alipin ng pinakapunong pari at natagpas ang kanang tainga nito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

51Sinabi ni Jesus, “Tama na iyan!” Hinipo niya ang tainga ng alipin at ang sugat ay kaagad ring naghilom.

52Pagkatapos, sinabi ni Jesus sa mga punong pari, sa mga pinuno ng mga bantay sa Templo at sa mga pinuno ng bayan na pumunta roon upang dakpin siya, “Ako ba'y tulisan, at naparito kayong may mga tabak at mga pamalo?

53Araw-araw akong nagtuturo sa Templo at naroon din kayo, ngunit hindi ninyo ako dinakip. Subalit takdang oras ninyo ngayon at ng kapangyarihan ng kadiliman.”

### Ikinaila ni Pedro si Jesus

(Mt. 26:57-58, 69-75; Mc. 14:53-54, 66-72; Jn. 18:12-18, 25-27)

54Dinakip nga nila si Jesus at dinala sa bahay ng pinakapunong pari ng mga Judio. Si Pedro nama'y sumunod sa kanila na malayo ang agwat.

55Nagsiga sila sa gitna ng patyo at naupo sa paligid ng apoy, at si Pedro ay nakiumpok sa kanila.

56Nang makita siya ng isang utusang babae, siya'y pinagmasdang mabuti. Pagkatapos ay sinabi ng babae, “Kasama rin ni Jesus ang taong ito!”

57Ngunit ikinaila iyon ni Pedro, “Babae, ni hindi ko siya kilala!”

58Pagkaraan ng ilang sandali, mayroon uling nakapansin sa kanya at siya'y sinabihan, “Ikaw man ay kasamahan nila.” Ngunit sumagot siya, “Ginoo, hindi nila ako kasama!”

59Pagkalipas ng may isang oras, iginiit naman ng isa sa naroon, “Siguradong kasama ni Jesus ang taong ito, sapagkat isa rin siyang taga-Galilea.”

60Ngunit sumagot si Pedro, “Ginoo, hindi ko nalalaman ang sinasabi ninyo!” Nagsasalita pa siya nang biglang may tumilaok na manok.

61Lumingon ang Panginoon at tumingin kay Pedro, at naalala ni Pedro ang sinabi ng Panginoon, “Bago tumilaok ang manok sa araw na ito ay tatlong beses mo akong ikakaila.”

62Lumabas si Pedro at umiyak nang buong pait.

### Kinutya at Binugbog si Jesus

(Mt. 26:67-68; Mc. 14:65)

63Samantala, si Jesus ay kinutya at binugbog ng mga nagbabantay sa kanya.

64Siya'y piniringan nila at pinagtatanong, “Hulaan mo! Sino ang sumuntok sa iyo?”

65Marami pang panlalait ang ginawa nila sa kanya.

### Sa Harapan ng Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

(Mt. 26:59-66; Mc. 14:55-64; Jn. 18:19-24)

66Kinaumagahan ay nagkatipon ang mga pinuno ng bayan, mga punong pari at mga tagapagturo ng Kautusan. Dinala nila si Jesus sa Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio at siya'y kanilang tinanong,

67“Sabihin mo sa amin, ikaw nga ba ang Cristo?” Sumagot si Jesus, “Sabihin ko man sa inyo ay hindi kayo maniniwala.

68Kung tanungin ko naman kayo, hindi rin kayo sasagot.

69Ngunit sinasabi ko sa inyo, mula ngayon ang Anak ng Tao ay uupo sa kanan ng Makapangyarihang Diyos.”

70“Ibig mo bang sabihin, ikaw ang Anak ng Diyos?” tanong ng lahat. “Kayo na rin ang nagsasabi,” tugon niya.

71“Hindi na natin kailangan ng mga saksi; tayo na mismo ang nakarinig mula sa sarili niyang bibig!” sabi nila.

## Lucas 23

### Sa Harapan ni Pilato

(Mt. 27:1-2, 11-14; Mc. 15:1-5; Jn. 18:28-38)

1Tumayo ang buong Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio at dinala si Jesus kay Pilato.

2Siya ay pinaratangan nila ng ganito, “Napatunayan po namin na inililigaw ng taong ito ang aming mga kababayan at pinagbabawalan niyang magbayad ng buwis sa Emperador. Sinasabi pa niyang siya raw ang Cristo, na isang hari.”

3Tinanong siya ni Pilato, “Ikaw nga ba ang Hari ng mga Judio?” “Ikaw na ang may sabi,” tugon ni Jesus.

4Sinabi ni Pilato sa mga punong pari at sa mga tao, “Wala akong makitang kasalanan sa taong ito.”

5Ngunit iginiit nila, “Sa kanyang pagtuturo ay inuudyukan niyang maghimagsik ang mga taga-Judea. Nagsimula siya sa Galilea at ngayo'y narito na.”

### Sa Harapan ni Herodes

6Nang marinig ito ni Pilato, itinanong niya kung si Jesus ay taga-Galilea nga.

7At nang malaman niyang si Jesus ay sakop ni Haring Herodes, ipinadala niya si Jesus kay Herodes, na nagkataon namang nasa Jerusalem nang mga araw na iyon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Tuwang-tuwa si Herodes nang makita niya si Jesus. Matagal na niyang ibig makita ito sapagkat marami siyang nababalitaan tungkol dito. Umaasa si Herodes na gagawa si Jesus ng ilang himala, at nais niyang makita iyon.

9Marami siyang itinanong kay Jesus, ngunit hindi ito sumagot kahit minsan.

10Samantala, ang mga punong pari at ang mga tagapagturo ng Kautusan ay nakatayo doon at walang pakundangang pinaparatangan si Jesus.

11Siya'y hinamak at tinuya ni Herodes at ng mga kawal nito. Siya ay dinamitan nila ng magarang damit, at ipinabalik siya kay Pilato.

12At nang araw ding iyon, naging magkaibigan sina Herodes at Pilato na dati'y magkagalit.

### Hinatulang Mamatay si Jesus

(Mt. 27:15-26; Mc. 15:6-15; Jn. 18:39–19:16)

13Ipinatawag ni Pilato ang mga punong pari, ang mga pinuno ng bayan at ang mga tao.

14Sinabi niya sa kanila, “Isinakdal ninyo sa akin ang taong ito sa paratang na inililigaw niya ang mga taong bayan. Siniyasat ko siya sa harap ninyo at napatunayan kong walang katotohanan ang mga paratang ninyo sa kanya.

15Gayundin si Herodes, kaya ipinabalik niya sa atin ang taong ito. Wala siyang ginawang karapat-dapat para sa hatol na kamatayan.

16Ipahahagupit ko na lamang siya at pagkatapos ay aking palalayain.”
[17Tuwing Pista ng Paskwa, kinakailangang magpalaya si Pilato ng isang bilanggong mapipili ng taong-bayan.]

18Subalit sabay-sabay na sumigaw ang mga tao, “Patayin ang taong iyan! Palayain si Barabbas!”

19Si Barabbas ay nabilanggo dahil sa paghihimagsik na pinangunahan nito sa lungsod, at dahil na rin sa salang pagpatay.

20Sa pagnanais na mapalaya si Jesus, minsan pang nagsalita sa kanila si Pilato,

21ngunit sumigaw ang mga tao, “Ipako siya sa krus! Ipako siya sa krus!”

22Ikatlong ulit na sinabi sa kanila ni Pilato, “Bakit, ano ba ang ginawa niyang masama? Wala akong makitang dahilan upang siya'y hatulan ng kamatayan. Kaya't ipahahagupit ko siya at pagkatapos ay palalayain.”

23Ngunit lalo nilang ipinagsigawan na si Jesus ay dapat ipako sa krus. Nanaig ang kanilang sigaw

24kaya't ipinasya ni Pilato na pagbigyan ang kanilang hinihingi.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[25]Ang taong hiningi nila, na nabilanggo dahil sa paghihimagsik at pagpatay, ay pinalaya niya at ibinigay niya si Jesus sa kanila upang gawin ang kanilang kagustuhan.

**Si Jesus ay Ipinako sa Krus**
(Mt. 27:32-44; Mc. 15:21-32; Jn. 19:17-27)

[26]Si Jesus ay dinala ng mga kawal. Nasalubong nila sa daan si Simon na taga-Cirene na noon ay galing sa bukid. Pinigil nila ito at ipinapasan dito ang krus habang pinapasunod kay Jesus.

[27]Sinusundan si Jesus ng maraming tao, kabilang ang ilang babaing nag-iiyakan at tumatangis dahil sa kanya.

[28]Nilingon sila ni Jesus at sinabi, "Mga kababaihan ng Jerusalem, huwag ninyo akong iyakan. Ang tangisan ninyo'y ang inyong sarili at ang inyong mga anak.

[29]Tandaan ninyo, darating ang mga araw na sasabihin nila, 'Pinagpala ang mga baog, ang mga sinapupunang hindi nagdalang-tao, at ang mga dibdib na hindi nagpasuso.'

[30]Sa mga araw na iyo'y sasabihin ng mga tao sa mga bundok, 'Gumuho kayo sa amin!' at sa mga burol, 'Tabunan ninyo kami!'

[31]Sapagkat kung ganito ang ginagawa sa kahoy na sariwa, ano naman kaya ang mangyayari sa kahoy na tuyo?"

[32]May dalawa pang kriminal na inilabas ang mga kawal upang pataying kasama ni Jesus.

[33]Nang dumating sila sa isang bundok na tinatawag na Bungo, ipinako nila
si Jesus sa krus. Ipinako rin ang dalawang kriminal, isa sa kanyang kanan
at isa sa kaliwa. [[34]Sinabi ni Jesus, "Ama, patawarin mo sila sapagkat hindi
nila nalalaman ang kanilang ginagawa."] Nagpalabunutan ang mga kawal
upang paghati-hatian ang kasuotan niya.

[35]Ang mga tao nama'y nakatayo roon at nanonood, habang si Jesus ay kinukutya ng mga pinuno ng bayan. Sinabi nila, "Iniligtas niya ang iba; iligtas niya ngayon ang kanyang sarili kung siya nga ang Cristo na hinirang ng Diyos!"

[36]Nilait din siya ng mga kawal. Nilapitan siya ng isa at inalok ng maasim na alak,

[37]kasabay ng ganitong panunuya, "Kung ikaw nga ang Hari ng mga Judio, iligtas mo ang iyong sarili."

[38]Mayroon ding nakasulat sa kanyang ulunan [sa wikang Griego, Latin at Hebreo], "Ito ang Hari ng mga Judio."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

39Tinuya rin siya ng isa sa mga salaring nakapako sa tabi niya, “Hindi ba ikaw ang Cristo? Iligtas mo ang iyong sarili at pati na rin kami.”

40Ngunit pinagsabihan naman ito ng kanyang kasama, “Wala ka na bang takot sa Diyos? Ikaw ay pinaparusahan ding tulad niya!

41Tama lamang na tayo'y parusahan nang ganito dahil sa ating mga ginawa; ngunit ang taong ito'y walang ginawang masama.”

42At sinabi pa nito, “Jesus, alalahanin mo ako kapag naghahari ka na.”

43Sumagot si Jesus, “Sinasabi ko sa iyo, isasama kita ngayon sa Paraiso.”

**Ang Pagkamatay ni Jesus**

(Mt. 27:45-56; Mc. 15:33-41; Jn. 19:28-30)

44Nang magtatanghaling-tapat na, hanggang sa ikatlo ng hapon, nagdilim sa buong lupain.

45Nawalan ng liwanag ang araw at ang tabing ng Templo'y napunit sa gitna.

46Sumigaw nang malakas si Jesus, “Ama, sa mga kamay mo'y ipinagkakatiwala ko ang aking espiritu!” At pagkasabi nito, nalagot ang kanyang hininga.

47Nang makita ng kapitan ng mga kawal ang nangyari, siya'y nagpuri sa Diyos na sinasabi, “Tunay ngang matuwid ang taong ito!”

48Maraming tao ang nagkakatipon doon at nanonood. Nang makita nila ang mga nangyari, umuwi silang dinadagukan ang kanilang dibdib dahil sa lungkot.

49Nakatayo naman sa di-kalayuan ang mga kasamahan ni Jesus, pati ang mga babaing sumama sa kanya mula sa Galilea. Pinagmasdan nila ang mga pangyayaring ito.

**Ang Paglilibing kay Jesus**

(Mt. 27:57-61; Mc. 15:42-47; Jn. 19:38-42)

50-51May isang lalaki roon na ang pangala'y Jose. Siya'y taga-Arimatea, isang bayan sa Judea. Mabuti at matuwid ang taong ito, at isa siya sa mga naghihintay sa kaharian ng Diyos. Kahit na siya'y kagawad ng Kapulungan, hindi siya sang-ayon sa kanilang ginawa kay Jesus.

52Nagpunta siya kay Pilato at hiningi ang bangkay ni Jesus.

53Ibinabâ niya ang bangkay, binalot sa telang lino at inilagay sa isang libingang inuka sa bato na hindi pa napaglilibingan.

54Araw noon ng Paghahanda at magsisimula na ang Araw ng Pamamahinga.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

55Sumunod kay Jose ang mga babaing sumama kay Jesus mula pa sa Galilea. Nakita nila ang libingan at ang pagkakalagay doon ng bangkay ni Jesus.

56Pagkatapos, umuwi sila at naghanda ng mga pabango at mira. Pagsapit ng Araw ng Pamamahinga, nangilin sila ayon sa Kautusan.

## Lucas 24

### Ang Muling Pagkabuhay ni Jesus
(Mt. 28:1-10; Mc. 16:1-8; Jn. 20:1-10)

1Maagang-maaga pa ng araw ng Linggo, ang mga babae ay nagbalik sa libingan, dala ang mga pabangong inihanda nila.

2Nang dumating sila doon, nakita nilang naigulong na ang batong nakatakip sa libingan.

3Ngunit nang pumasok sila, wala roon ang bangkay ng Panginoong Jesus.

4Samantalang nagtataka sila kung ano ang nangyari, biglang lumitaw sa tabi nila ang dalawang lalaking nakakasilaw ang damit.

5Dahil sa matinding takot, sila'y nagpatirapa. Tinanong sila ng mga lalaki, "Bakit ninyo hinahanap ang buháy sa lugar ng mga patay?

6Wala siya rito, siya'y muling nabuhay! Alalahanin ninyo ang sinabi niya sa inyo noong nasa Galilea pa siya,

7'Ang Anak ng Tao ay kailangang ipagkanulo sa mga makasalanan at ipako sa krus, at sa ikatlong araw ay muling mabubuhay.'"

8Naalala nga ng mga babae ang mga sinabi ni Jesus noong una,

9kaya't umuwi sila at isinalaysay nila sa labing-isa at sa iba pa nilang kasamahan ang buong pangyayari.

10Ang mga babaing ito'y sina Maria Magdalena, Juana, at Maria na ina ni Santiago; sila at ang iba pang mga babaing kasama nila ang nagbalita sa mga apostol.

11Akala ng mga apostol ay kahibangan lamang ang kanilang sinasabi kaya
ayaw nilang paniwalaan ang mga kababaihan. [12Ngunit tumayo si Pedro at
patakbong nagpunta sa libingan. Yumuko siya, at pagtingin sa loob ay wala siyang nakita kundi ang mga telang lino na ipinambalot kay Jesus. Kaya't umuwi siyang nagtataka sa nangyari.]

### Sa Daang Papunta sa Emaus
(Mc. 16:12-13)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[13]Nang araw ding iyon, may dalawang alagad na naglalakad papuntang Emaus, isang nayong may labing-isang kilometro ang layo mula sa Jerusalem.

[14]Pinag-uusapan nila ang mga pangyayari.

[15]Habang sila'y nag-uusap, lumapit si Jesus at nakisabay sa kanila,

[16]ngunit siya'y hindi nila nakilala na para bang natatakpan ang kanilang mga mata.

[17]Tinanong sila ni Jesus, “Ano ba ang pinag-uusapan ninyo?” Tumigil silang nalulumbay, at

[18]sinabi ng isa sa kanila na nagngangalang Cleopas, “Ikaw lamang yata ang dayuhan sa Jerusalem na hindi nakakaalam sa mga pangyayaring katatapos lamang maganap doon.”

[19]“Anong mga pangyayari?” tanong niya. Sumagot sila, “Tungkol kay Jesus na taga-Nazaret, isang propetang makapangyarihan sa salita at gawa maging sa harap ng Diyos at ng mga tao.

[20]Isinakdal siya ng aming mga punong pari at mga pinuno ng bayan upang mahatulang mamatay, at siya'y ipinako sa krus.

[21]Siya pa naman ang inaasahan naming magpapalaya sa Israel. Hindi lamang iyan. Ikatlong araw na ngayon mula nang mangyari ito.

[22]Nabigla kami sa ibinalita ng ilan sa mga babaing kasamahan namin. Maagang-maaga raw silang nagpunta sa libingan

[23]at hindi nila natagpuan ang kanyang bangkay. Nagbalik sila at ang sabi'y nakakita raw sila ng isang pangitain, mga anghel na nagsabing si Jesus ay buháy.

[24]Pumunta rin sa libingan ang ilan sa mga kasama namin at ganoon nga ang natagpuan nila, ngunit hindi nila nakita si Jesus.”

[25]Sinabi sa kanila ni Jesus, “Kay hahangal ninyo! Kay kukupad ninyong maniwala sa lahat ng sinasabi ng mga propeta!

[26]Hindi ba't kailangang ang Cristo ay magtiis ng lahat ng ito bago siya pumasok sa kanyang kaluwalhatian?”

[27]At ipinaliwanag sa kanila ni Jesus ang lahat ng sinasabi sa Kasulatan tungkol sa kanya, simula sa mga aklat ni Moises hanggang sa mga sinulat ng mga propeta.

[28]Malapit na sila sa nayong kanilang pupuntahan at si Jesus ay parang magpapatuloy pa sa paglakad,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29ngunit siya'y pinigil nila. “Tumuloy ka muna rito sa amin. Palubog na ang araw at dumidilim na,” sabi nila. Kaya't sumama nga siya sa kanila.

30Nang siya'y kasalo na nila sa pagkain, dumampot siya ng tinapay at nagpasalamat sa Diyos; pagkatapos, pinagpira-piraso iyon at ibinigay sa kanila.

31Noon nabuksan ang kanilang mga mata at nakilala nila si Jesus, subalit siya'y biglang nawala sa kanilang paningin.

32Nasabi nila sa isa't isa, “Kaya pala nag-aalab ang ating puso habang tayo'y kinakausap niya sa daan at ipinapaliwanag sa atin ang mga Kasulatan!”

33Agad silang tumayo at nagbalik sa Jerusalem. Naratnan nilang nagkakatipon doon ang labing-isa at ang ibang kasamahan nila.

34Sinabi ng mga ito sa dalawa, “Totoo nga palang muling nabuhay ang Panginoon! Nagpakita siya kay Simon!”

35At isinalaysay naman ng dalawa ang nangyari sa daan at kung paano nila nakilala si Jesus nang paghati-hatiin nito ang tinapay.

**Nagpakita si Jesus sa Kanyang mga Alagad**
(Mt. 28:16-20; Mc. 16:14-18; Jn. 20:19-23; Gw. 1:6-8)

36Habang pinag-uusapan nila ito, tumayo si Jesus sa kalagitnaan nila [at nagsabi, “Sumainyo ang kapayapaan!”]

37Natigilan sila at natakot sapagkat ang akala nila'y nakakita sila ng multo.

38Kaya't sinabi ni Jesus, “Bakit kayo natitigilan? Bakit kayo nag-aalinlangan?

39Tingnan ninyo ang aking mga kamay at mga paa. Ako nga ito. Hawakan ninyo ako at pagmasdan. Ang multo ay walang laman at buto, ngunit ako'y mayroon, tulad ng nakikita ninyo.”

[40Habang sinasabi niya ito, ipinapakita niya sa kanila ang kanyang mga kamay at mga paa.]

41Parang hindi pa rin sila makapaniwala sa laki ng galak at pagkamangha, kaya't tinanong sila ni Jesus, “May pagkain ba kayo riyan?”

42Siya'y binigyan nila ng isang hiwa ng isdang inihaw.

43Kinuha niya ito at kinain sa harap nila.

44Pagkatapos ay sinabi niya sa kanila, “Ito ang tinutukoy ko nang sabihin ko sa inyo noong kasa-kasama pa ninyo ako: dapat matupad ang lahat ng nasusulat tungkol sa akin sa Kautusan ni Moises, sa aklat ng mga propeta, at sa aklat ng mga Awit.”

45Binuksan niya ang kanilang pag-iisip upang maunawaan nila ang mga Kasulatan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

46Sinabi niya sa kanila, "Ganito ang nasusulat: kinakailangang magdusa at mamatay ang Cristo; at pagkatapos, siya'y muling mabubuhay sa ikatlong araw.

47Sa kanyang pangalan, ang pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan ay dapat ipangaral sa lahat ng mga bansa, magmula sa Jerusalem.

48Kayo ang mga saksi sa mga bagay na ito.

49Tandaan ninyo, isusugo ko sa inyo ang ipinangako ng aking Ama, kaya't huwag kayong aalis sa Jerusalem hangga't hindi kayo napagkakalooban ng kapangyarihang mula sa langit."

**Ang Pag-akyat ni Jesus sa Langit**

(Mc. 16:19-20; Gw. 1:9-11)

50Pagkatapos ng mga ito, sila'y isinama ni Jesus sa labas ng lungsod. Pagdating sa Bethania, itinaas niya ang kanyang mga kamay at sila'y binasbasan.

51Habang binabasbasan niya sila, siya'y umalis [at dinala paakyat sa langit].

52Siya'y sinamba nila at pagkatapos ay bumalik sila sa Jerusalem na punung-puno ng kagalakan.

53Palagi silang nasa Templo at doo'y nagpupuri sa Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Juan

## Juan 1

### Ang Salita ng Buhay

1Nang pasimula ay naroon na ang Salita; ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos.

2Sa pasimula ay kasama na ng Diyos ang Salita.

3Nilikha ang lahat ng bagay sa pamamagitan niya, at walang anumang nalikha nang hindi sa pamamagitan niya.

4Nasa kanya ang buhay, at ang buhay ay siyang ilaw ng sangkatauhan.

5Nagliliwanag sa kadiliman ang ilaw, at hindi ito nagapi kailanman ng kadiliman.

6Sinugo ng Diyos ang isang tao na nagngangalang Juan.

7Naparito siya upang magpatotoo tungkol sa ilaw at upang ang lahat ay sumampalataya sa pamamagitan niya.

8Hindi siya ang ilaw subalit naparito siya upang magpatotoo tungkol sa ilaw.

9Ito ang tunay na ilaw: dumarating ito sa sanlibutan upang magbigay liwanag sa lahat ng tao.

10Dumating ang Salita sa sanlibutan ngunit hindi siya kinilala ng sanlibutang ito na nilikha sa pamamagitan niya.

11Pumunta siya sa kanyang bayan ngunit hindi siya tinanggap ng sarili niyang kababayan.

12Subalit ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa kanya ay binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos.

13Sila ay naging mga anak ng Diyos, hindi dahil sa isinilang sila ayon sa kalikasan o sa kagustuhan o sa kagagawan ng tao, kundi ayon sa kalooban ng Diyos.

14Naging tao ang Salita at nanirahan sa piling namin. Nakita namin ang kaluwalhatiang tunay na kanya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Siya ay puspos ng kagandahang-loob at ng katotohanan.

15Nagpatotoo si Juan tungkol sa kanya, na isinisigaw, “Siya ang tinutukoy ko nang aking sabihin, ‘Ang dumarating na kasunod ko'y higit kaysa sa akin, sapagkat siya ay naroon na bago pa man ako ipanganak.’”

16Mula sa kapuspusan ng kanyang kagandahang-loob, tumanggap tayong lahat ng abut-abot na kagandahang-loob.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Ibinigay ang Kautusan sa pamamagitan ni Moises; ngunit dumating ang kagandahang-loob at katotohanan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo.

18Kailanma'y wala pang taong nakakita sa Diyos, ngunit ang natatanging Diyos na pinakamamahal ng Ama, ang nagpakilala sa Ama.

### Ang Patotoo ni Juan na Tagapagbautismo

(Mt. 3:1-12; Mc. 1:1-8; Lu. 3:1-18)

19Ang mga pinuno ng mga Judio sa Jerusalem ay nagsugo ng mga pari at Levita upang itanong kay Juan kung sino nga ba siya.

20Hindi nagkaila si Juan; sa halip ay maliwanag niyang sinabi, "Hindi ako ang Cristo."

21"Sino ka kung gayon?" tanong nila. "Ikaw ba si Elias?" "Hindi ako si Elias," tugon niya. "Ikaw ba ang Propeta?" Sumagot siya, "Hindi rin."

22"Sino ka kung gayon? Sabihin mo kung sino ka upang may masabi kami sa mga nagsugo sa amin. Ano ang masasabi mo tungkol sa iyong sarili?" tanong nilang muli.

23Sumagot si Juan ayon sa nasusulat sa aklat ni Propeta Isaias, "Ako ang tinig ng isang taong sumisigaw sa ilang, 'Tuwirin ninyo ang daraanan ng Panginoon.'"

24Ang mga nagtanong ay sugo ng mga Pariseo.

25Muli nilang tinanong si Juan, "Bakit ka nagbabautismo, gayong hindi naman pala ikaw ang Cristo, o si Elias, o ang Propeta?"

26Sumagot si Juan, "Ako'y nagbabautismo sa tubig, ngunit nasa inyong kalagitnaan ang isang hindi ninyo nakikilala.

27Dumarating siyang kasunod ko subalit hindi man lamang ako karapat-dapat na magkalag ng tali ng kanyang sandalyas."

28Ang mga ito'y nangyari sa Bethania, sa silangan ng Ilog Jordan na pinagbabautismuhan ni Juan.

### Ang Kordero ng Diyos

29Kinabukasan, nakita ni Juan si Jesus na lumalapit sa kanya. Sinabi niya, "Tingnan ninyo, siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.

30Siya ang tinutukoy ko nang sabihin kong ang dumarating na kasunod ko ay higit sa akin, sapagkat siya'y naroon na bago pa man ako ipanganak.

31Hindi ko rin siya kilala noon subalit ako'y naparitong nagbabautismo sa tubig upang ipakilala siya sa Israel."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

32Ganito ang patotoo ni Juan: "Nakita ko ang Espiritu na bumababa na parang isang kalapati na buhat sa langit at nanatili sa kanya.

33Hindi ko nga siya kilala noon. Ngunit ang nagsugo sa akin upang magbautismo sa tubig ang siyang nagsabi sa akin, 'Kung kanino mo makitang bumabâ at manatili ang Espiritu, siya ang magbabautismo sa pamamagitan ng Espiritu Santo.'

34Ngayon ay nakita ko siya, at pinapatotohanan kong siya ang Anak ng Diyos."

**Ang Unang Apat na Alagad ni Jesus**

35Kinabukasan, naroon muli si Juan kasama ang dalawa sa kanyang mga alagad.

36Nang makita niya si Jesus na nagdaraan ay kanyang sinabi, "Tingnan ninyo, siya ang Kordero ng Diyos!"

37Narinig ng dalawang alagad ang sinabi niya, kaya't sumunod sila kay Jesus.

38Lumingon si Jesus, at nang makita niyang sumusunod sa kanya ang mga ito, sila'y tinanong niya, "Ano ang kailangan ninyo?" Sumagot sila, "Saan po kayo nakatira, Rabi?" Ang kahulugan ng salitang ito'y Guro.

39"Halikayo at tingnan ninyo," sabi ni Jesus. Sumama sila kay Jesus at nakita nila ang kanyang tinitirhan; at tumuloy sila roon nang araw na iyon. Noo'y mag-aalas kuwatro na ng hapon.

40Ang isa sa dalawang alagad na nakarinig kay Juan at sumunod kay Jesus ay si Andres na kapatid ni Simon Pedro.

41Unang hinanap ni Andres ang kanyang kapatid na si Simon. Sinabi niya rito, "Nakita na namin ang Mesiyas!" Ang kahulugan ng salitang ito'y Cristo.

42At isinama ni Andres si Simon kay Jesus. Tiningnan ni Jesus si Simon at sinabi sa kanya, "Ikaw ay si Simon na anak ni Juan. Ikaw ay tatawaging Cefas" (na ang katumbas ay Pedro).

**Ang Pagkatawag kina Felipe at Nathanael**

43Kinabukasan, minabuti ni Jesus na pumunta sa Galilea. Nakita niya roon si Felipe at sinabi ni Jesus sa kanya, "Sumunod ka sa akin."

44Si Felipe ay taga-Bethsaida, tulad nina Andres at Pedro.

45Nakita ni Felipe si Nathanael at sinabi niya dito, "Natagpuan na namin ang tinutukoy ni Moises sa kanyang isinulat sa aklat ng Kautusan at gayundin ng mga propeta. Siya'y si Jesus na taga-Nazaret, na anak ni Jose."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

46“May mabuti bang maaaring magmula sa Nazaret?” tanong ni Nathanael. Sumagot si Felipe, “Halika't tingnan mo.”

47Nang malapit na si Nathanael ay sinabi ni Jesus, “Masdan ninyo ang isang tunay na Israelita. Wala siyang anumang pagkukunwari.”

48Tinanong siya ni Nathanael, “Paano ninyo ako nakilala?” Sumagot si Jesus, “Bago ka pa tawagin ni Felipe, nakita na kita nang ikaw ay nasa ilalim ng puno ng igos.”

49Sumagot si Nathanael, “Rabi, kayo nga po ang Anak ng Diyos! Kayo ang Hari ng Israel!”

50Sinabi ni Jesus, “Sumampalataya ka ba dahil sa sinabi ko sa iyong nakita kita sa ilalim ng puno ng igos? Higit pa riyan ang masasaksihan mo.”

51At sinabi niya sa kanya, “Pakatandaan mo: makikita ninyong bukás ang langit, at ang mga anghel ng Diyos ay manhik-manaog sa kinaroroonan ng Anak ng Tao!”

## Juan 2

### Ang Unang Himala ni Jesus

1Nang ikatlong araw, may kasalan sa Cana sa Galilea, at naroon ang ina ni Jesus.

2Si Jesus at ang kanyang mga alagad ay inanyayahan din sa kasalan.

3Naubos ang alak, kaya't sinabi ng ina ni Jesus sa kanya, “Anak, wala na silang alak.”

4Sinabi ni Jesus, “Ipaubaya na lang po ninyo ito sa akin, Ginang. Hindi pa ito ang aking tamang oras.”

5Sinabi ng kanyang ina sa mga naglilingkod, “Gawin ninyo ang anumang sabihin niya sa inyo.”

6May anim na banga doon, ang bawat isa'y naglalaman ng dalawampu hanggang tatlumpung galon. Ang mga ito ay nakalaan para sa paghuhugas ayon sa rituwal ng mga Judio.

7Sinabi ni Jesus sa mga tumutulong doon, “Punuin ninyo ng tubig ang mga banga.” At pinuno nga nila ang mga banga na halos mag-umapaw.

8Pagkatapos, sinabi niya, “Kumuha kayo ng kaunti at dalhin ninyo sa namamahala ng handaan.” Dinalhan nga nila ang namamahala, at

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[9]tinikman nito ang tubig na naging alak. Hindi niya alam kung saan nanggaling iyon, subalit alam ng mga sumalok ng tubig. Kaya't tinawag niya ang lalaking ikinasal

[10]at sinabi, “Ang masarap na alak ay unang inihahain; kapag marami nang nainom ang mga tao, saka inihahain ang mababang uri. Ngunit sa huli ninyo inilabas ang masarap na alak!”

[11]Ang nangyaring ito sa Cana sa Galilea ang unang himalang ginawa ni Jesus. Sa pamamagitan nito'y inihayag niya ang kanyang kaluwalhatian at naniwala sa kanya ang mga alagad niya.

[12]Pagkatapos nito, pumunta si Jesus sa Capernaum, kasama ang kanyang ina, mga kapatid, at mga alagad. Sila'y nanatili roon nang ilang araw.

### Pagmamalasakit para sa Templo

(Mt. 21:12-13; Mc. 11:15-17; Lu. 19:45-46)

[13]Malapit na ang Paskwa ng mga Judio kaya't pumunta si Jesus sa Jerusalem.

[14]Nakita niya sa Templo ang mga nagtitinda ng mga baka, tupa at kalapati, at ang mga namamalit ng salapi.

[15]Kumuha siya ng lubid at ginawa iyong panghagupit, at ipinagtabuyan niyang palabas ang mga nagtitinda, pati na ang mga baka at tupa. Isinabog niya ang salapi ng mga namamalit ng pera at ipinagtataob ang kanilang mga mesa.

[16]Pinagsabihan niya ang mga nagtitinda ng kalapati, “Alisin ninyo rito ang mga iyan! Huwag ninyong gawing palengke ang bahay ng aking Ama!”

[17]Naalala ng kanyang mga alagad ang sinasabi sa kasulatan, “Ang malasakit ko sa iyong bahay ang tutupok sa akin.”

[18]Dahil dito'y tinanong siya ng mga pinuno ng Judio, “Anong himala ang maipapakita mo upang patunayang may karapatan kang gawin ito?”

[19]Sumagot si Jesus, “Gibain ninyo ang Templong ito, at sa loob ng tatlong araw ay muli ko itong itatayo.”

[20]Sinabi ng mga Judio, “Apatnapu't anim na taong ginawa ang Templong ito, at itatayo mo sa loob lamang ng tatlong araw?”

[21]Ngunit ang templong tinutukoy ni Jesus ay ang kanyang katawan.

[22]Kaya't nang siya'y muling nabuhay, naalala ng kanyang mga alagad ang sinabi niyang ito, at sila'y naniwala sa kasulatan at sa sinabi ni Jesus.

### Alam ni Jesus ang Kalooban ng Tao

[23]Nang Pista ng Paskwa ay nasa Jerusalem si Jesus. Marami ang naniwala sa kanya nang makita nila ang mga himalang ginagawa niya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Subalit hindi ipinagkatiwala ni Jesus ang kanyang sarili sa kanila, sapagkat kilala niya ang lahat ng mga tao.

25Hindi na kailangang may magsabi pa sa kanya tungkol sa kaninuman, sapagkat nalalaman niya ang nasa isip ng lahat ng tao.

## Juan 3

### Si Jesus at si Nicodemo

1May isang Pariseo na nagngangalang Nicodemo na pinuno ng mga Judio.

2Isang gabi, pumunta siya kay Jesus at sinabi, "Rabi, nalalaman po naming kayo'y isang tagapagturong mula sa Diyos, sapagkat walang makakagawa ng mga himalang ginagawa ninyo kung wala sa inyo ang Diyos."

3Sumagot si Jesus, "Tandaan mo ang sinasabi kong ito: malibang ipanganak na muli ang isang tao, hindi niya makikita ang paghahari ng Diyos."

4"Paanong maipapanganak pang muli ang isang taong matanda na? Makakapasok pa ba siya sa sinapupunan ng kanyang ina para muling ipanganak?" tanong ni Nicodemo.

5Sagot naman ni Jesus, "Tandaan mo ang sinasabi kong ito: malibang ang isang tao ay ipanganak sa pamamagitan ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makakapasok sa kaharian ng Diyos.

6Ang taong ipinanganak sa laman ay laman, at ang ipinanganak sa Espiritu ay espiritu.

7Huwag kang magtaka sa sinabi ko sa iyo, 'kayong lahat ay kailangang ipanganak na muli.'

8Umiihip ang hangin kung saan nito nais at naririnig mo ang ugong nito, ngunit hindi mo alam kung saan ito nanggagaling at kung saan pupunta. Ganoon din ang bawat ipinanganak sa Espiritu."

9"Paano po mangyayari iyon?" tanong ni Nicodemo.

10Sumagot si Jesus, "Guro ka pa naman sa Israel, hindi mo nauunawaan ang mga bagay na ito?

11Pakatandaan mo: ang sinasabi namin ay nalalaman namin, at ang pinapatotohanan namin ay nasaksihan namin, subalit hindi ninyo tinatanggap ang aming patotoo.

12Kung hindi ninyo pinaniniwalaan ang mga sinasabi ko tungkol sa mga bagay dito sa mundo, paano pa ninyo mapapaniwalaan ang sasabihin ko tungkol sa mga bagay doon sa langit?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Wala pang sinumang umakyat sa langit kundi ang bumabâ mula sa langit, ang Anak ng Tao.”

14At kung paanong itinaas ni Moises ang tansong ahas doon sa ilang, gayundin naman, kailangang itaas ang Anak ng Tao,

15upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.

16Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

17Isinugo ng Diyos ang kanyang Anak, hindi upang hatulan ng parusa ang sanlibutan, kundi upang iligtas ito sa pamamagitan niya.

18Hindi hinahatulan ng parusa ang sumasampalataya sa Anak. Ngunit hinatulan na ang hindi sumasampalataya, sapagkat hindi siya sumampalataya sa kaisa-isang Anak ng Diyos.

19Ganito ang paghatol ng Diyos: naparito sa sanlibutan ang ilaw, ngunit inibig pa ng mga tao ang dilim kaysa liwanag, sapagkat masasama ang kanilang mga gawa.

20Kinasusuklaman ng mga gumagawa ng masama ang ilaw, ni hindi lumalapit dito upang hindi mahayag ang kanilang mga gawa.

21Ngunit ang namumuhay ayon sa katotohanan ay lumalapit sa ilaw, upang maihayag na ang mga ginagawa niya ay pagsunod sa Diyos.

**Si Jesus at si Juan**

22Pagkatapos nito, si Jesus at ang kanyang mga alagad ay nagpunta sa lupain ng Judea. Nanatili siya roon nang kaunting panahon na kasama nila at nagbautismo ng mga tao.

23Samantala, si Juan ay nagbabautismo naman sa Enon, malapit sa Salim, sapagkat maraming tubig doon. Pumupunta sa kanya ang mga tao at nagpapabautismo.

24Hindi pa noon nabibilanggo si Juan.

25Minsan, nagkaroon ng pagtatalo ang mga alagad ni Juan at ang isang Judio tungkol sa rituwal ng paglilinis.

26Kaya't pumunta sila kay Juan at sinabi sa kanya, “Guro, naaalala pa po ba ninyo ang lalaking kasama ninyo sa ibayo ng Jordan, na inyong pinatotohanan? Siya po ay nagbabautismo rin at nagpupuntahan sa kanya ang lahat!”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Sumagot si Juan, “Walang sinumang tatanggap ng anuman malibang ito'y ipagkaloob sa kanya ng Diyos.

28Kayo mismo ang makakapagpatunay na sinabi kong hindi ako ang Cristo; isa lamang akong sugo na mauuna sa kanya.

29Sa isang kasalan, ang babaing ikakasal ay para lamang sa lalaking ikakasal. Ang abay na naghihintay sa pagdating ng lalaking ikakasal ay lubos na nagagalak kapag narinig niya ang tinig nito. Gayundin naman, lubos na ang aking kagalakan ngayon.

30Dapat siyang maitaas at ako nama'y maibaba.”

**Si Jesus ang Mula sa Langit**

31Ang mula sa itaas ay dakila sa lahat; ang mula sa lupa ay taga-lupa at nagsasalita tungkol sa mga bagay sa lupa. Ang mula sa langit ay dakila sa lahat.

32Pinapatotohanan niya ang kanyang nakita at narinig ngunit walang tumatanggap sa kanyang patotoo.

33Ang tumatanggap sa kanyang patotoo ay nagpapatunay na ang sinasabi ng Diyos ay totoo.

34Ang isinugo ng Diyos ay nagpapahayag ng mga salita ng Diyos, sapagkat lubusang ipinagkakaloob ng Diyos ang kanyang Espiritu.

35Iniibig ng Ama ang Anak, at ibinigay niya rito ang pamamahala sa lahat ng bagay.

36Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan. Ngunit ang hindi sumusunod sa Anak ay hindi magkakaroon ng buhay. Sa halip, mananatili sa kanya ang poot ng Diyos.

## Juan 4

**Si Jesus sa Samaria**

1Nabalitaan ng mga Pariseo na si Jesus ay mas maraming nahihikayat na maging alagad at nababautismuhan kaysa kay Juan. Nalaman ito ng Panginoon

2(bagaman hindi si Jesus mismo ang nagbabautismo, kundi ang kanyang mga alagad),

3kaya umalis siya sa Judea at bumalik sa Galilea.

4Kailangan dumaan siya sa Samaria.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Dumating siya sa isang bayan na tinatawag na Sicar. Malapit ito sa bukid na ibinigay ni Jacob sa kanyang anak na si Jose.

6Dito matatagpuan ang balon ni Jacob. Dahil napapagod si Jesus sa paglalakbay, umupo siya sa tabi ng balon. Halos katanghalian na noon.

7May isang Samaritanang dumating upang umigib, at sinabi ni Jesus sa kanya, "Maaari bang makiinom?"

8Wala noon ang kanyang mga alagad dahil sila'y bumibili ng pagkain sa bayan.

9Sinabi sa kanya ng babae, "Ikaw ay Judio at Samaritana naman ako. Bakit ka humihingi sa akin ng inumin?" Sinabi niya iyon sapagkat hindi nakikihalubilo ang mga Judio sa mga Samaritano.

10Sumagot si Jesus, "Kung alam mo lamang ang kaloob ng Diyos, at kung sino itong humihingi sa iyo ng inumin, ikaw ang hihingi sa kanya at bibigyan ka niya ng tubig na nagbibigay-buhay."

11Nagsalita ang babae, "Ginoo, malalim ang balong ito at wala ka namang pansalok. Saan ka kukuha ng tubig na nagbibigay-buhay?

12Ang balong ito ay pamana pa sa amin ng aming ninunong si Jacob. Dito siya uminom, gayundin ang kanyang mga anak at mga hayop. Higit ka pa ba sa kanya?"

13Sumagot si Jesus, "Ang bawat uminom ng tubig na ito'y muling mauuhaw,

14ngunit ang sinumang uminom ng tubig na ibibigay ko sa kanya ay hindi na muling mauuhaw kailanman. Ang tubig na ibibigay ko ay magiging batis sa loob niya, at patuloy na bubukal at magbibigay sa kanya ng buhay na walang hanggan."

15Sinabi ng babae, "Ginoo, bigyan po ninyo ako ng tubig na iyan upang hindi na ako mauhaw, ni pumarito pa upang sumalok muli."

16"Umuwi ka at isama mo rito ang iyong asawa," wika ni Jesus.

17"Wala akong asawa," sagot ng babae. Sinabi ni Jesus, "Tama ang sinabi mong wala kang asawa

18sapagkat lima na ang iyong naging asawa, at ang kinakasama mo ngayon ay hindi mo asawa. Totoo nga ang sinabi mo."

19Sinabi ng babae, "Ginoo, palagay ko ay isa kang propeta.

20Dito sa bundok na ito sumamba sa Diyos ang aming mga ninuno, ngunit sinasabi ninyong mga Judio na sa Jerusalem lamang dapat sambahin ang Diyos."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Sinabi naman ni Jesus, “Maniwala ka sa akin, darating ang panahon na sasambahin ninyo ang Ama hindi na sa bundok na ito o sa Jerusalem.

22Hindi ninyo kilala ang inyong sinasamba, ngunit kilala namin ang aming sinasamba, sapagkat ang kaligtasan ay nagmumula sa mga Judio.

23Subalit dumarating na ang panahon at ngayon na nga, na ang mga tunay na sumasamba sa Ama ay sasamba sa kanya sa espiritu at sa katotohanan. Sapagkat ganyan ang uri ng pagsambang ninanais ng Ama.

24Ang Diyos ay Espiritu at ang mga sumasamba sa kanya ay dapat siyang sambahin sa espiritu at sa katotohanan.”

25Sinabi ng babae, “Nalalaman ko pong darating ang Mesiyas, ang tinatawag na Cristo. Pagdating niya, siya ang magpapahayag sa amin ng lahat ng bagay.”

26“Akong kausap mo ngayon ang iyong tinutukoy,” sabi ni Jesus.

27Dumating ang kanyang mga alagad nang sandaling iyon, at nagtaka sila nang makita nilang nakikipag-usap si Jesus sa isang Samaritana. Ngunit isa man sa kanila'y walang nagtanong sa babae, “Ano ang kailangan ninyo?” Wala ring nagtanong kay Jesus, “Bakit ninyo siya kinakausap?”

28Iniwan ng babae ang kanyang banga, bumalik sa bayan at sinabi sa mga tagaroon,

29“Halikayo! Tingnan ninyo ang taong nagsabi sa akin ng lahat ng ginawa ko. Siya na kaya ang Cristo?”

30Kaya't lumabas ng bayan ang mga tao at nagpunta kay Jesus.

31Samantala, makailang ulit na sinabi ng mga alagad kay Jesus, “Rabi, kumain na kayo.”

32Ngunit sumagot siya, “Ako'y may pagkaing hindi ninyo nalalaman.”

33Kaya't nagtanung-tanungan ang mga alagad, “May nagdala kaya sa kanya ng pagkain?”

34Sinabi sa kanila ni Jesus, “Ang pagkain ko'y ang tuparin ang kalooban ng nagsugo sa akin at tapusin ang ipinapagawa niya sa akin.

35“Hindi ba sinasabi ninyo, ‘Apat na buwan pa at anihan na’? Sinasabi ko naman sa inyo, masdan ninyo ang mga bukid, hinog na ang trigo at handa nang anihin.

36Ang umaani ay tumatanggap ng kabayaran at nagtitipon ng bunga para sa buhay na walang hanggan. Kaya't magkasamang magagalak ang nagtatanim at ang umaani.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[37]Dito nagkakatotoo ang kasabihang, ‘Iba ang nagtatanim at iba naman ang umaani.’

[38]Isinugo ko kayo upang anihin ang hindi ninyo itinanim. Iba ang naghirap dito at kayo naman ang umani ng kanilang pinaghirapan.”

[39]Maraming Samaritano sa bayang iyon ang naniwala kay Jesus dahil sa patotoo ng babae, “Sinabi niya sa akin ang lahat ng aking ginawa.”

[40]Kaya't pumunta sila kay Jesus at nakiusap na tumigil muna siya roon, at tumigil nga siya roon sa loob ng dalawang araw.

[41]At marami pang sumampalataya nang mapakinggan siya.

[42]Pagkatapos, sinabi nila sa babae, “Naniniwala kami ngayon, hindi na dahil sa sinabi mo kundi dahil sa narinig namin siya. Alam na naming siya nga ang Tagapagligtas ng sangkatauhan.”

**Pinagaling ni Jesus ang Anak ng Isang Pinuno ng Pamahalaan**

[43]Pagkaraan ng dalawang araw, bumalik si Jesus sa Galilea.

[44](Si Jesus na rin ang nagpatotoo na ang isang propeta'y hindi iginagalang sa sarili nitong bayan.)

[45]Pagdating niya sa Galilea ay mabuti ang pagtanggap sa kanya ng mga tagaroon, sapagkat nasa Jerusalem din sila noong Pista ng Paskwa at nakita nila ang lahat ng kanyang ginawa roon.

[46]Nagpunta muli si Jesus sa Cana sa Galilea, kung saan ginawa niyang alak ang tubig. Sa bayan naman ng Capernaum ay may isang pinuno ng pamahalaan. Ang anak niyang lalaki ay may sakit

[47]at naghihingalo na. Nang mabalitaan niyang bumalik si Jesus sa Galilea mula sa Judea, pinuntahan niya ito at pinakiusapang pumunta sa Capernaum upang pagalingin ang kanyang anak.

[48]Sinabi sa kanya ni Jesus, “Hangga't hindi kayo nakakakita ng mga himala at mga kababalaghan, kailanman ay hindi kayo sasampalataya.”

[49]Ngunit sinabi ng pinuno, “Tayo na po, Panginoon, bago mamatay ang aking anak.”

[50]Sumagot si Jesus, “Umuwi ka na, hindi mamamatay ang iyong anak.” Naniwala ang lalaki sa sinabi ni Jesus, at umuwi na nga siya.

[51]Sa daan pa lamang ay sinalubong na siya ng kanyang mga alipin at sinabing gumaling na ang kanyang anak.

[52]Tinanong niya ang mga iyon, “Anong oras nang bumuti ang kalagayan niya?” “Ala-una po kahapon nang siya'y mawalan ng lagnat,” tugon nila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

53Naalala ng ama na noong oras na iyon sinabi sa kanya ni Jesus, “Hindi
mamamatay ang iyong anak.” Kaya't siya at ang kanyang buong
sambahayan ay sumampalataya kay Jesus.

54Ito ang pangalawang himalang ginawa ni Jesus sa Galilea pagkagaling
mula sa Judea.

## Juan 5

### Ang Pagpapagaling sa Bethzata

1Pagkaraan nito'y dumating ang isang pista ng mga Judio, at pumunta si
Jesus sa Jerusalem.

2Sa lungsod na ito, malapit sa Pintuan ng mga Tupa ay may malaking
imbakan ng tubig na may limang portiko. Kung tawagin ito sa wikang Hebreo
ay Bethzata.

3Nasa paligid nito ang maraming maysakit, mga bulag, mga pilay, at mga
paralitiko. [4Sila'y naghihintay na gumalaw ang tubig, dahil may panahong
ang isang anghel ng Panginoon ay bumababa at pinapagalaw ang tubig, at
ang maunang lumusong sa tubig matapos na ito'y gumalaw ay gumagaling
sa anumang karamdaman.]

5May isang lalaki doon na tatlumpu't walong taon nang may sakit.

6Nakita siya ni Jesus at alam niyang matagal nang may sakit ang lalaki kaya't
tinanong niya ito, “Gusto mo bang gumaling?”

7Sumagot ang maysakit, “Ginoo, wala pong maglulusong sa akin kapag
gumalaw na ang tubig; papunta pa lamang ako, may nauuna na sa akin.”

8Sinabi sa kanya ni Jesus, “Tumayo ka, buhatin mo ang iyong higaan at
lumakad ka.”

9Noon di'y gumaling ang lalaki, binuhat ang kanyang higaan, at lumakad.
Noo'y Araw ng Pamamahinga

10kaya't sinabi ng mga pinuno ng mga Judio sa lalaking pinagaling, “Araw
ng Pamamahinga ngayon! Labag sa Kautusan na dalhin mo ang iyong
higaan.”

11Ngunit sumagot siya, “Ang nagpagaling po sa akin ang nagsabing buhatin
ko ang aking higaan at lumakad ako.”

12At siya'y tinanong nila, “Sino ang nagsabi sa iyong buhatin mo ang iyong
higaan at lumakad ka?”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Ngunit hindi alam ng lalaki kung sino ang nagpagaling sa kanya, sapagkat maraming tao sa lugar na iyon at nakaalis na si Jesus.

14Pagkatapos nito, nakita ni Jesus sa loob ng Templo ang lalaki at sinabihan itong, “Magaling ka na ngayon! Huwag ka nang gumawa ng kasalanan at baka masahol pa riyan ang mangyari sa iyo.”

15Umalis ang lalaki at sinabi sa mga Judio na si Jesus ang nagpagaling sa kanya.

16Dahil dito, si Jesus ay sinimulang usigin ng mga pinuno ng mga Judio, sapagkat ginawa niya ito sa Araw ng Pamamahinga.

17Ngunit sinabi sa kanila ni Jesus, “Ang aking Ama ay patuloy sa kanyang gawain hanggang ngayon, at gayundin ako.”

18Lalo namang pinagsikapan ng mga Judio na ipapatay siya, sapagkat hindi lamang niya nilabag ang batas tungkol sa Araw ng Pamamahinga, sinasabi pa niyang ang Diyos ang kanyang Ama, at sa gayon ay ipinapantay ang kanyang sarili sa Diyos.

**Ang Kapangyarihan ng Anak**

19Kaya't sinabi sa kanila ni Jesus, “Pakatandaan ninyo na walang magagawa ang Anak sa kanyang sarili lamang; ang nakikita niyang ginagawa ng Ama ang siya lamang niyang ginagawa. Ang ginagawa ng Ama ay siya ring ginagawa ng Anak,

20sapagkat minamahal ng Ama ang Anak at ipinapakita sa Anak ang lahat ng ginagawa niya at higit pa sa mga ito ang mga gawang ipapakita sa kanya ng Ama upang kayo'y mamangha.

21Kung paanong ibinabangon ng Ama ang mga patay at binibigyan sila ng buhay, gayundin naman, binubuhay ng Anak ang sinumang nais niyang buhayin.

22Hindi humahatol kaninuman ang Ama, sa halip ay ibinigay na niya sa Anak ang buong kapangyarihang humatol

23upang maparangalan ng lahat ang Anak, tulad ng kanilang pagpaparangal sa Ama. Ang hindi nagpaparangal sa Anak ay hindi nagpaparangal sa Ama na nagsugo sa Anak.

24“Pakatandaan ninyo: ang nakikinig sa aking salita at sumasampalataya sa nagsugo sa akin ay may buhay na walang hanggan. Hindi na siya hahatulan kundi nakatawid na siya sa buhay mula sa kamatayan.

25Pakatandaan ninyo na darating ang oras, at ngayon na nga, na maririnig ng mga patay ang tinig ng Anak ng Diyos at ang sinumang makinig sa kanya ay mabubuhay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Kung paanong ang Ama mismo ang pinagmumulan ng buhay, gayon din naman ang Anak na binigyan niya ng ganoong karapatan.

27Binigyan niya ang Anak ng kapangyarihang humatol, sapagkat siya ang Anak ng Tao.

28Huwag ninyo itong pagtakhan, sapagkat darating ang oras na maririnig ng mga patay ang kanyang tinig

29at sila'y babangon. Lahat ng gumawa ng kabutihan ay babangon patungo sa buhay na walang hanggan, at lahat ng gumawa ng kasamaan ay babangon patungo sa kaparusahan."

**Mga Saksi para kay Jesus**

30"Wala akong magagawa sa sarili ko lamang. Humahatol ako ayon sa sinasabi sa akin ng Ama, kaya't matuwid ang hatol ko. Hindi ang sarili kong kalooban ang aking sinusunod kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin.

31"Kung ako lamang ang nagpapatotoo tungkol sa aking sarili, ang patotoo ko ay walang katotohanan.

32Ngunit may ibang nagpapatotoo tungkol sa akin, at totoo ang kanyang sinasabi.

33Nagpadala kayo ng mga sugo kay Juan at nagpatotoo siya tungkol sa katotohanan.

34Hindi sa kailangan ko ang patotoo ng tao; sinasabi ko lamang ito para maligtas kayo.

35Si Juan ay parang maningas na ilaw na nagliliwanag noon, at kayo'y sandaling nasiyahan sa kanyang liwanag.

36Ngunit may patotoo tungkol sa akin na higit pa sa patotoo ni Juan. Ang mga gawang ipinapagawa sa akin ng Ama na siya ko namang ginaganap, ang nagpapatotoo na ako'y isinugo ng Ama.

37At ang Ama na nagsugo sa akin ay nagpapatotoo rin tungkol sa akin. Kailanma'y hindi ninyo narinig ang kanyang tinig ni nakita man ang kanyang anyo.

38Hindi nanatili sa inyong mga puso ang kanyang salita sapagkat hindi kayo sumasampalataya sa isinugo niya.

39Sinasaliksik ninyo ang mga Kasulatan sa pag-aakalang doon ninyo matatagpuan ang buhay na walang hanggan. Ang mga Kasulatang iyan ang nagpapatotoo tungkol sa akin!

40Ngunit ayaw naman ninyong lumapit sa akin upang kayo'y magkaroon ng buhay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

41“Hindi ako naghahangad ng parangal ng tao.

42Subalit kilala ko kayo; alam kong wala kayong pag-ibig sa Diyos.

43Naparito ako sa pangalan ng aking Ama, subalit ayaw ninyo akong tanggapin. Kung may ibang pumarito sa kanyang sariling pangalan, siya'y inyong tatanggapin.

44Paano kayo maniniwala sa akin kung ang hinahangad ninyo'y ang papuri ng isa't isa at hindi ang papuri na nanggagaling sa iisang Diyos?

45Huwag ninyong isipin na ako ang magsasakdal laban sa inyo sa harapan ng Ama. Si Moises, na inaasahan ninyo, ang siyang maghaharap ng paratang laban sa inyo.

46Kung talagang naniniwala kayo kay Moises, maniniwala din kayo sa akin, sapagkat sumulat siya tungkol sa akin.

47Ngunit kung hindi kayo naniniwala sa mga isinulat niya, paano kayo maniniwala sa mga sinasabi ko?”

## Juan 6

### Ang Pagpapakain sa Limanlibo

(Mt. 14:13-21; Mc. 6:30-44; Lu. 9:10-17)

1Pagkatapos nito, tumawid si Jesus sa ibayo ng Lawa ng Galilea, na tinatawag ding Lawa ng Tiberias.

2Sinundan siya ng napakaraming tao sapagkat nakita nila ang mga himalang ginawa niya sa pagpapagaling sa mga maysakit.

3Umakyat si Jesus sa bundok kasama ang kanyang mga alagad at naupo roon.

4Noon ay malapit na ang Paskwa ng mga Judio.

5Tumanaw si Jesus at nang makita niyang dumarating ang napakaraming tao, tinanong niya si Felipe, “Saan kaya tayo makakabili ng tinapay upang makakain ang mga taong ito?”

6Sinabi niya iyon upang subukin si Felipe, sapagkat alam na niya ang kanyang gagawin.

7Sumagot naman si Felipe, “Kahit na po halagang dalawandaang salaping pilak ng tinapay ay di sasapat para makakain sila nang tigkakaunti.”

8Sinabi ni Andres na isa sa kanyang mga alagad at kapatid ni Simon Pedro,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[9]“Mayroon po ritong isang batang lalaki na may dalang limang tinapay na sebada at dalawang isda. Subalit sasapat kaya ang mga ito?”

[10]“Paupuin ninyo ang mga tao,” sabi ni Jesus. Madamo sa lugar na iyon. Umupo nga ang mga tao; sa kanila'y may humigit-kumulang sa limanlibo ang mga lalaki.

[11]Kinuha ni Jesus ang tinapay at matapos magpasalamat sa Diyos ay ipinamahagi iyon sa mga taong nakaupo. Gayundin ang ginawa niya sa mga isda. Nakakain ang lahat at nabusog.

[12]Nang makakain na ang mga tao, sinabi ni Jesus sa mga alagad, “Ipunin ninyo ang lumabis nang di masayang.”

[13]Ganoon nga ang ginawa nila, at nakapuno sila ng labindalawang kaing mula sa limang tinapay na sebada.

[14]Nang makita ng mga tao ang himalang ginawa ni Jesus, sinabi nila, “Tunay na ito ang Propetang darating sa sanlibutan!”

[15]Napansin ni Jesus na lalapitan siya ng mga tao at pipilitin siyang gawing hari, kaya't umalis siyang muli at mag-isang umakyat sa bundok.

**Lumakad si Jesus sa Ibabaw ng Tubig**

(Mt. 14:22-33; Mc. 6:45-52)

[16]Nang magtatakipsilim na, ang mga alagad ay pumunta sa tabi ng lawa.

[17]Sumakay sila sa bangka at naglayag papuntang Capernaum. Madilim na'y wala pa si Jesus.

[18]Lumakas ang hangin at lumaki ang alon.

[19]Nang makasagwan na sila nang may lima o anim na kilometro, nakita nila si Jesus na lumalakad sa ibabaw ng tubig papalapit sa bangka, at sila'y natakot.

[20]Ngunit sinabi ni Jesus sa kanila, “Huwag kayong matakot. Ako ito!”

[21]Tuwang-tuwa nilang pinasakay si Jesus; at kaagad na nakarating ang bangka sa kanilang pupuntahan.

**Hinanap ng mga Tao si Jesus**

[22]Kinabukasan, nakita ng mga taong naiwan sa dalampasigan na iisa lamang ang bangkang naroon. Nalaman nilang si Jesus ay hindi kasama ng mga alagad nang ang mga ito'y sumakay sa bangka dahil ang mga ito lamang ang umalis.

[23]Dumating naman ang ilang bangkang galing sa Tiberias at dumaong sa lugar na malapit sa kinainan nila ng tinapay matapos magpasalamat ang Panginoon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Kaya't nang makita nilang wala roon si Jesus at ang kanyang mga alagad, sila'y sumakay sa mga bangka at pumunta sa Capernaum upang hanapin si Jesus.

**Si Jesus ang Tinapay na Nagbibigay-buhay**

25Nang makita nila si Jesus sa ibayo ng lawa, siya'y tinanong nila, “Guro, kailan pa kayo rito?”

26Sumagot si Jesus, “Totoo ang sinasabi kong ito: hinahanap ninyo ako, hindi dahil sa mga himalang nakita ninyo, kundi dahil nakakain kayo ng tinapay at nabusog.

27Huwag ang pagkaing nasisira ang inyong pagsikapang kamtan, kundi ang pagkaing hindi nasisira na nagbibigay ng buhay na walang hanggan. Iyan ang ibibigay sa inyo ng Anak ng Tao, sapagkat ipinapakita ng Diyos Ama na siya ang may ganitong karapatan.”

28Kaya't siya'y tinanong nila, “Ano po ang dapat naming gawin upang aming matupad ang ipinapagawa ng Diyos?”

29“Ito ang ipinapagawa sa inyo ng Diyos, sumampalataya kayo sa sinugo niya,” tugon ni Jesus.

30“Ano pong himala ang maipapakita ninyo upang sumampalataya kami sa inyo? Ano po ang inyong gagawin?

31Ang aming mga ninuno ay kumain ng manna sa ilang; ayon sa nasusulat, ‘Sila'y binigyan niya ng tinapay na galing sa langit,’” sabi nila.

32Sumagot si Jesus, “Pakatandaan ninyo: hindi si Moises ang nagbigay sa inyo ng tinapay na galing sa langit. Ang aking Ama ang nagbibigay sa inyo ng tunay na tinapay na galing sa langit.

33Sapagkat ang tinapay na galing sa Diyos ay ang bumabâ mula sa langit at nagbibigay-buhay sa sangkatauhan.”

34Sumagot sila, “Ginoo, bigyan po ninyo kaming lagi ng tinapay na ito.”

35Sinabi ni Jesus, “Ako ang tinapay ng buhay. Ang lumalapit sa akin ay hindi na magugutom kailanman, at ang sumasampalataya sa akin ay hindi na mauuhaw kailanman.

36Ngunit sinabi ko na sa inyo, nakita na ninyo ako, ngunit hindi pa rin kayo sumasampalataya sa akin.

37Lalapit sa akin ang lahat ng ibinibigay sa akin ng Ama, at hinding-hindi ko itataboy kailanman ang sinumang lumalapit sa akin.

38Ako'y bumabâ mula sa langit, hindi upang gawin ang sarili kong kalooban, kundi ang kalooban niya na nagsugo sa akin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[39]At ito ang kanyang kalooban: ang huwag kong hayaang mapahamak ang kahit sinuman sa mga ibinigay niya sa akin, kundi ang buhayin ko silang muli sa huling araw.

[40]Sapagkat ito ang kalooban ng aking Ama: ang lahat ng nakakakita sa Anak at sumasampalataya sa kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan. At sila'y muli kong bubuhayin sa huling araw."

[41]Nagbulung-bulungan ang mga Judio dahil sa sinabi niyang, "Ako ang tinapay na bumabâ mula sa langit."

[42]Sinabi nila, "Hindi ba ito si Jesus na anak ni Jose? Kilala natin ang kanyang ama't ina. Paano niya masasabi ngayong bumabâ siya mula sa langit?"

[43]Kaya't sinabi ni Jesus, "Tigilan ninyo ang inyong bulung-bulungan.

[44]Walang makakalapit sa akin malibang dalhin siya sa akin ng Ama na nagsugo sa akin. At ang lumalapit sa akin ay muli kong bubuhayin sa huling araw.

[45]Nasusulat sa aklat ng mga propeta, 'At silang lahat ay tuturuan ng Diyos.' Ang bawat nakikinig sa Ama at natututo sa kanya ay lumalapit sa akin.

[46]Hindi ito nangangahulugang may nakakita na sa Ama; ang nagmula sa Diyos ang tanging nakakita sa Ama.

[47]Pakatandaan ninyo: ang sumasampalataya sa akin ay may buhay na walang hanggan.

[48]Ako ang tinapay ng buhay.

[49]Kumain ng manna ang inyong mga ninuno nang sila'y nasa ilang, ngunit sila'y namatay.

[50]Narito ang tinapay na bumabâ mula sa langit upang ang sinumang kumain nito ay hindi na mamatay.

[51]Ako nga ang tinapay na nagbibigay-buhay na bumabâ mula sa langit. Mabubuhay magpakailanman ang sinumang kumain ng tinapay na ito. At ang tinapay na ibibigay ko upang mabuhay ang sanlibutan ay ang aking laman."

[52]Dahil dito'y nagtalu-talo ang mga Judio, "Paanong maibibigay sa atin ng taong ito ang kanyang laman upang makain natin?"

[53]Sinabi ni Jesus, "Pakatandaan ninyo: malibang kainin ninyo ang laman ng Anak ng Tao at inumin ang kanyang dugo, hindi kayo magkakaroon ng buhay.

[54]Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay may buhay na walang hanggan at muli ko siyang bubuhayin sa huling araw.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

55Sapagkat ang aking laman ay tunay na pagkain, at ang aking dugo ay tunay na inumin.

56Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay nananatili sa akin, at ako naman sa kanya.

57Isinugo ako ng buháy na Ama at ako'y nabubuhay dahil sa kanya. Gayundin naman, ang sinumang kumakain sa akin ay mabubuhay dahil sa akin.

58Ito ang tinapay na bumabâ mula sa langit. Hindi ito katulad ng kinain ng inyong mga ninuno sa ilang; namatay sila kahit na kumain niyon. Ang kumakain ng tinapay na ito ay mabubuhay magpakailanman."

59Sinabi ito ni Jesus sa sinagoga habang siya'y nagtuturo sa Capernaum.

**Mga Salita tungkol sa Buhay na Walang Hanggan**

60Narinig ito ng kanyang mga alagad at marami sa kanila ang nagsabi, "Mabigat na pananalita ito; sino ang makakatanggap nito?"

61Kahit walang nagsasabi kay Jesus, alam niya na nagbubulung-bulungan ang kanyang mga alagad tungkol dito. Kaya't sinabi niya, "Dahil ba rito'y tatalikuran na ninyo ako?

62Gaano pa kaya kung makita ninyong umaakyat ang Anak ng Tao papunta sa dati niyang kinaroroonan?

63Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay; hindi ito magagawa ng laman. Ang mga salitang sinabi ko sa inyo ay espiritu at ito ang nagbibigay-buhay.

64Ngunit may ilan sa inyong hindi sumasampalataya." Alam na ni Jesus buhat pa noong una kung sinu-sino ang hindi mananalig sa kanya, at kung sino ang magkakanulo sa kanya.

65Idinugtong pa niya, "Iyan ang dahilan kaya ko sinabi sa inyo na walang makakalapit sa akin malibang ito'y loobin ng Ama."

66Mula noo'y marami sa kanyang mga alagad ang tumalikod at hindi na sumama sa kanya.

67Tinanong ni Jesus ang Labindalawa, "At kayo, gusto rin ba ninyong umalis?"

68Sumagot si Simon Pedro, "Panginoon, kanino pa po kami pupunta? Nasa inyo ang mga salitang nagbibigay ng buhay na walang hanggan.

69Naniniwala kami at natitiyak namin na kayo nga ang Banal na mula sa Diyos."

70Sumagot si Jesus, "Hindi ba't ako ang humirang sa inyong Labindalawa at ang isa sa inyo ay diyablo!"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

71Ang tinutukoy niya'y si Judas na anak ni Simon Iscariote, sapagkat siya na kabilang sa Labindalawa ay magkakanulo sa kanya.

## Juan 7

### Hindi Sumampalataya kay Jesus ang Kanyang mga Kapatid

1Pagkatapos nito'y nilibot ni Jesus ang Galilea. Iniwasan niya ang Judea dahil nais siyang patayin ng mga pinuno ng mga Judio roon.

2Nalalapit na noon ang Pista ng mga Tolda, isa sa mga pista ng mga Judio,

3kaya't sinabi kay Jesus ng kanyang mga kapatid, "Bakit hindi ka umalis dito at pumunta sa Judea para makita ng iyong mga tagasunod ang ginagawa mo?

4Walang taong naglilihim ng kanyang ginagawa kung ang hangad niya'y maging tanyag. Ginagawa mo rin lamang ang mga bagay na ito, magpakilala ka na sa sanlibutan."

5Maging ang mga kapatid ni Jesus ay hindi naniniwala sa kanya.

6Sumagot si Jesus, "Hindi pa dumating ang aking panahon; sa inyo'y maaari kahit anong panahon.

7Hindi kayo kapopootan ng sanlibutan, ngunit ako'y kinapopootan nila, sapagkat pinapatotohanan kong masasama ang mga gawa nito.

8Kayo na lamang ang pumunta sa pista. Hindi ako pupunta sapagkat hindi pa dumating ang aking panahon."

9Pagkasabi nito, nagpaiwan siya sa Galilea.

### Nagturo si Jesus sa Pista ng mga Tolda

10Pagkaalis ng kanyang mga kapatid, si Jesus ay palihim na pumunta rin sa pista.

11Hinahanap siya roon ng mga Judio. "Nasaan kaya siya?" tanong nila.

12Pabulong na pinag-uusapan siya ng marami. "Siya'y mabuting tao," sabi ng ilan. "Hindi, inililigaw niya ang mga tao," sabi naman ng iba.

13Ngunit walang nangahas magsalita nang hayagan tungkol sa kanya dahil sa takot sa mga pinuno ng mga Judio.

14Nang kalagitnaan na ng pista, pumasok si Jesus sa Templo at nagturo.

15Nagtaka ang mga Judio at naitanong nila, "Saan kaya nakakuha ng karunungan ang taong ito gayong hindi naman siya nakapag-aral?"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Kaya't sinabi ni Jesus, "Hindi sa akin ang itinuturo ko, kundi sa nagsugo sa akin.

17Kung talagang nais ninumang sumunod sa kalooban ng Diyos, malalaman niya kung ang itinuturo ko'y mula nga sa Diyos, o kung ang sinasabi ko ay galing lamang sa akin.

18Ang nagtuturo ng galing sa sarili niya ay naghahangad ng sariling karangalan. Ngunit ang taong naghahangad na maparangalan ang nagsugo sa kanya ay tapat at hindi nagsisinungaling.

19Hindi ba't ibinigay sa inyo ni Moises ang Kautusan? Bakit wala ni isa man sa inyo ang tumutupad nito? Bakit nais ninyo akong patayin?"

20Sumagot ang mga tao, "Sinasapian ka ng demonyo! Sino ba ang gustong pumatay sa iyo?"

21Sumagot si Jesus, "Isang bagay pa lamang ang ginawa ko'y nagtataka na kayong lahat.

22Ibinigay sa inyo ni Moises ang utos tungkol sa pagtutuli bagaman hindi ito nagmula sa kanya kundi sa inyong mga ninuno, at ginagawa ninyo ito kahit Araw ng Pamamahinga.

23Kung tinutuli ang isang sanggol na lalaki kahit Araw ng Pamamahinga para masunod ang utos ni Moises, bakit kayo nagagalit sa akin dahil nagpagaling ako ng isang tao sa Araw ng Pamamahinga?

24Huwag kayong humatol batay sa anyo, kundi humatol kayo batay sa matuwid na pamantayan."

**Siya na nga Kaya ang Cristo?**

25Sinabi ng ilang taga-Jerusalem, "Hindi ba ito ang taong nais nilang patayin?

26Hayan! Lantaran siyang nagsasalita, ngunit wala silang sinasabi laban sa kanya! Baka naman alam na ng mga pinuno na siya nga ang Cristo!

27Ngunit pagdating ng Cristo ay walang makakaalam kung saan siya magmumula, subalit alam natin kung saan nagmula ang taong ito!"

28Kaya't habang si Jesus ay nagtuturo sa Templo, sumigaw siya, "Ako ba'y talagang kilala ninyo? Alam nga ba ninyo kung saan ako nagmula? Hindi ako naparito dahil sa aking sariling kagustuhan lamang. Karapat-dapat paniwalaan ang nagsugo sa akin. Hindi ninyo siya nakikilala,

29ngunit nakikilala ko siya, sapagkat sa kanya ako nagmula, at siya ang nagsugo sa akin."

30Nais na siyang dakpin ng ilang naroroon, ngunit walang nangahas sapagkat hindi pa dumating ang kanyang panahon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

31Marami sa mga tao ang naniwala sa kanya. Ang sabi nila, “Pagparito ng Cristo, gagawa kaya siya ng mas marami pang himala higit kaysa sa mga ginawa ng taong ito?”

**Nag-utos ang mga Pariseo na Dakpin si Jesus**

32Nakarating sa mga Pariseo ang usap-usapan ng mga tao tungkol kay Jesus, kaya't inutusan nila at ng mga punong pari ang ilang bantay sa Templo na dakpin si Jesus.

33Sinabi ni Jesus, “Makakasama pa ninyo ako nang kaunting panahon at babalik na ako sa nagsugo sa akin.

34Hahanapin ninyo ako ngunit hindi ninyo ako makikita sapagkat hindi kayo makakapunta sa pupuntahan ko.”

35Nag-usap-usap ang mga Judio, “Saan kaya pupunta ang taong ito at hindi na raw natin siya makikita? Pupunta kaya siya sa ating mga kababayang napadpad sa lupain ng mga Griego upang magturo sa kanila?

36Ano kaya ang ibig niyang sabihin nang kanyang sinabing, ‘Hahanapin ninyo ako ngunit hindi ninyo ako makikita,’ at ‘Hindi kayo makakapunta sa pupuntahan ko’?”

**Daloy ng Tubig na Nagbibigay-buhay**

37Sa kahuli-hulihan at pinakatanging araw ng pista, tumayo si Jesus at nagsalita nang malakas, “Kayong mga nauuhaw ay lumapit sa akin at uminom.

38Ang sumasampalataya sa akin, ayon sa sinasabi ng Kasulatan, ‘Mula sa kanyang puso ay dadaloy ang tubig na nagbibigay-buhay.’”

39Ang tinutukoy niya'y ang Espiritung tatanggapin ng mga sumasampalataya sa kanya. Sapagkat hindi pa naipagkakaloob noon ang Espiritu dahil si Jesus ay hindi pa niluwalhati.

**Nagtalu-talo ang mga Tao tungkol sa Cristo**

40Sinabi ng ilang nakarinig sa kanya, “Tunay ngang ito ang Propetang hinihintay natin!”

41“Siya na nga ang Cristo!” sabi naman ng iba. Ngunit may nagsabi rin, “Maaari bang magmula sa Galilea ang Cristo? Di ba hindi?

42Hindi ba sinasabi sa Kasulatan na ang Cristo ay magmumula sa lipi ni David, at ipanganganak sa Bethlehem na bayan ni David?”

43Nagkaroon ng pagkakabaha-bahagi sa mga tao dahil sa kanya.

44Gusto ng iba na dakpin siya, ngunit wala namang nangahas na humuli sa kanya.

**Ang Di-paniniwala ng mga Pinuno**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

45Nang bumalik ang mga bantay ng Templo, tinanong sila ng mga punong pari at ng mga Pariseo, “Bakit hindi ninyo siya dinala rito?”

46Sumagot ang mga bantay, “Wala pa po kaming narinig na nagsalita nang tulad ng taong ito!”

47“Pati ba kayo'y nalinlang na rin?” tanong ng mga Pariseo.

48“Mayroon bang pinuno o Pariseong naniniwala sa kanya?

49Ang mga taong bayan na ito na walang nalalaman sa Kautusan ay mga sinumpa!”

50Isa sa mga naroon ay si Nicodemo, ang Pariseong nagsadya kay Jesus noong una. At siya'y nagtanong,

51“Hindi ba't labag sa ating Kautusan na hatulan ang isang tao nang di muna nililitis at inaalam kung ano ang kanyang ginawa?”

52Sumagot sila, “Ikaw ba'y taga-Galilea rin? Saliksikin mo ang Kasulatan at makikita mong walang propetang magmumula sa Galilea.”

**Pinatawad ang Babaing Nangalunya**

[53Pagkatapos nito, umuwi na ang lahat.

## Juan 8

1Si Jesus naman ay pumunta sa Bundok ng mga Olibo.

2Kinabukasan, maaga pa'y nagbalik na siya sa Templo. Lumapit sa kanya ang lahat ng mga tao. Umupo siya at nagsimulang magturo.

3Dumating noon ang mga tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo na may dalang isang babaing nahuli sa pangangalunya. Iniharap nila ito sa karamihan,

4at sinabi kay Jesus, “Guro, ang babaing ito'y nahuli sa aktong pangangalunya.

5Ayon sa Kautusan ni Moises, dapat batuhin hanggang sa mamatay ang mga katulad niya. Ano naman ang masasabi ninyo?”

6Itinanong nila ito upang subukin siya, at nang may maiparatang sila laban sa kanya. Ngunit yumuko lamang si Jesus at sumulat sa lupa sa pamamagitan ng daliri.

7Patuloy sila sa pagtatanong kaya't tumayo si Jesus at nagsalita, “Ang sinuman sa inyo na walang kasalanan ang siyang maunang bumato sa kanya.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8At muli siyang yumuko at sumulat sa lupa.

9Nang marinig nila iyon, sila'y isa-isang umalis, simula sa pinakamatanda. Iniwan nila ang babaing nakatayo sa harap ni Jesus.

10Tumayo si Jesus at tinanong ang babae, “Nasaan sila? Wala na bang humahatol sa iyo?”

11“Wala po, Ginoo,” sagot ng babae. Sinabi ni Jesus, “Hindi rin kita hahatulan. Umuwi ka na, at mula ngayon ay huwag ka nang gumawa ng kasalanan.”]

**Patotoo tungkol kay Jesus**

12Muling nagsalita si Jesus sa mga tao. Sinabi niya, “Ako ang ilaw ng sanlibutan. Ang sumusunod sa akin ay magkakaroon ng ilaw sa kanyang buhay at di na lalakad sa kadiliman.”

13Sinabi sa kanya ng mga Pariseo, “Ikaw lang ang nagpapatotoo tungkol sa iyong sarili; walang katotohanan ang ganyang patotoo.”

14Sumagot si Jesus, “Kung nagpapatotoo man ako tungkol sa aking sarili, totoo ang aking sinasabi, sapagkat alam ko kung saan ako nanggaling at kung saan ako pupunta. Ngunit hindi ninyo alam ang aking pinanggalingan at ang aking pupuntahan.

15Humahatol kayo ayon sa mga pamantayan ng tao, ngunit hindi ako humahatol kaninuman.

16At humatol man ako, tama ang aking paghatol, sapagkat hindi ako nag-iisa sa aking paghatol, kundi kasama ko ang Ama na nagsugo sa akin.

17Nasusulat sa inyong Kautusan na dapat tanggapin ang patotoo ng dalawang saksi.

18Nagpatotoo ako tungkol sa aking sarili, at nagpapatotoo rin ang Ama na nagsugo sa akin.”

19Siya'y tinanong nila, “Nasaan ang iyong ama?” Sumagot si Jesus, “Hindi ninyo ako kilala, at hindi rin ninyo kilala ang aking Ama. Kung kilala ninyo ako, kilala rin ninyo siya.”

20Ito'y sinabi ni Jesus nang siya'y nagtuturo sa Templo, sa may lalagyan ng mga alay. Ngunit walang nangahas na humuli sa kanya sapagkat hindi pa dumating ang kanyang takdang oras.

**Ang Nagsugo kay Jesus**

21Muling sinabi ni Jesus sa kanila, “Ako'y aalis at hahanapin ninyo ako; ngunit hindi kayo makakapunta sa pupuntahan ko. Mamamatay kayo sa inyong mga kasalanan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Nag-usap-usap ang mga Judio, “Magpapakamatay kaya siya kaya niya sinabing ‘Hindi kayo makakapunta sa pupuntahan ko’?”

23Kaya't sinabi ni Jesus, “Kayo'y mula dito sa ibaba, ako'y mula sa itaas. Kayo'y taga-sanlibutang ito, ngunit ako'y hindi.

24Sinabi ko sa inyong mamamatay kayo sa inyong mga kasalanan. Kung hindi kayo maniniwalang ‘Ako'y Ako Nga’, mamamatay kayo sa inyong mga kasalanan.”

25“Sino ka nga bang talaga?” tanong nila. Sumagot si Jesus, “Sinabi ko na sa inyo noong simula pa lamang kung sino ako.

26Marami akong masasabi at maihahatol laban sa inyo. Ngunit totoo at dapat paniwalaan ang nagsugo sa akin, at ang narinig ko sa kanya ang ipinapahayag ko sa sanlibutan.”

27Hindi nila nauunawaan na ang Ama ang tinutukoy niya.

28Kaya't sinabi ni Jesus, “Kapag naitaas na ninyo ang Anak ng Tao, malalaman ninyong ‘Ako'y Ako Nga.’ Wala akong ginagawa batay sa sarili kong kapangyarihan. Ang ipinapasabi lamang ng Ama ang siya kong sinasabi,

29at kasama ko ang nagsugo sa akin at hindi niya ako iniiwan, sapagkat lagi kong ginagawa ang kalugud-lugod sa kanya.”

30Maraming nakarinig nito ang naniwala sa kanya.

**Ang Katotohanan ang Magpapalaya sa Inyo**

31Sinabi naman ni Jesus sa mga Judiong naniniwala sa kanya, “Kung patuloy kayong susunod sa aking turo, kayo nga'y tunay na mga alagad ko.

32Makikilala ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo.”

33Sumagot sila, “Kami ay mula sa lahi ni Abraham, at kailanma'y hindi kami naalipin ninuman. Paano mo masasabing palalayain kami?”

34Sumagot si Jesus, “Pakatandaan ninyo: ang gumagawa ng kasalanan ay alipin ng kasalanan.

35Ang alipin ay hindi kabilang sa pamilya sa habang panahon, subalit ang anak ay kabilang magpakailanman.

36Kung ang Anak ang magpalaya sa inyo, kayo nga'y magiging tunay na malaya.

37Alam kong kayo'y mula sa lahi ni Abraham, gayunma'y pinagsisikapan ninyo akong patayin, sapagkat ayaw ninyong tanggapin ang aking turo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

38Ang nakita ko sa aking Ama ang siya kong sinasabi sa inyo, at ang narinig ninyo sa inyong ama ang siya namang ginagawa ninyo."

**Ang Diyablo ang Inyong Ama**

39Sumagot sila, "Si Abraham ang aming ama." Sinabi sa kanila ni Jesus, "Kung kayo'y tunay na mga anak ni Abraham, gagawin sana ninyo ang kanyang ginawa.

40Sinasabi ko lang ang katotohanang narinig ko mula sa Diyos ngunit pinagsisikapan ninyong ako'y patayin. Hindi ganoon ang ginawa ni Abraham.

41Ang ginagawa ninyo'y tulad ng ginawa ng inyong ama." Sumagot sila, "Hindi kami mga anak sa labas. Iisa ang aming Ama, ang Diyos."

42Sinabi ni Jesus, "Kung talagang ang Diyos ang inyong Ama, inibig sana ninyo ako, sapagkat sa Diyos ako nanggaling. Hindi ako naparito sa sarili kong kagustuhan, kundi isinugo niya ako.

43Bakit di ninyo maunawaan ang sinasabi ko? Hindi ba't ito'y dahil sa ayaw ninyong tanggapin ang itinuturo ko?

44Ang diyablo ang inyong ama! At ang gusto ninyong gawin ay kung ano ang gusto niya. Sa simula pa lang ay mamamatay-tao na siya. Hindi siya pumanig sa katotohanan kailanman, sapagkat walang puwang sa kanya ang katotohanan. Kapag nagsasalita siya ng kasinungalingan, nagsasalita siya ayon sa kanyang kalikasan sapagkat siya'y sinungaling, at siya ang ama ng kasinungalingan.

45Ayaw ninyong maniwala sa akin sapagkat katotohanan ang sinasabi ko sa inyo.

46Sino sa inyo ang maaaring magpatunay na ako'y nagkasala? At kung katotohanan ang sinasabi ko, bakit ayaw ninyong maniwala sa akin?

47Ang mula sa Diyos ay nakikinig sa mga salita ng Diyos, subalit ayaw ninyong makinig sa akin sapagkat kayo'y hindi mula sa Diyos."

**Si Jesus at si Abraham**

48Sinabi ng mga Judio kay Jesus, "Hindi ba tama ang sinabi naming ikaw ay Samaritano at sinasapian ng demonyo?"

49Sumagot si Jesus, "Hindi ako sinasapian ng demonyo. Pinaparangalan ko ang aking Ama ngunit ako'y nilalapastangan ninyo.

50Hindi ako naghahangad na ako'y parangalan; may isang nagsisikap na ako'y parangalan, at siya ang hahatol.

51Pakatandaan ninyo: ang tumutupad ng aking salita ay hindi mamamatay kailanman."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

52Sinabi ng mga Judio, "Ngayo'y natitiyak naming sinasapian ka nga ng demonyo. Namatay si Abraham at ang mga propeta, ngunit sinasabi mong hindi mamamatay kailanman ang sinumang tumutupad ng iyong aral.

53Mas magaling ka pa ba kaysa sa aming amang si Abraham? Siya'y namatay, gayundin ang mga propeta. Ano ba ang palagay mo sa iyong sarili?"

54Sumagot si Jesus, "Kung ako ang nagpaparangal sa aking sarili, walang kabuluhan iyon. Ang nagpaparangal sa akin ay ang aking Ama na sinasabi ninyong Diyos ninyo.

55Hindi ninyo siya kilala, ngunit siya'y kilala ko. Kung sasabihin kong hindi ko siya kilala, ako'y magiging sinungaling na tulad ninyo. Subalit kilala ko siya at tinutupad ko ang kanyang salita.

56Natuwa ang inyong amang si Abraham nang malaman niyang makikita niya ang araw ng aking pagdating. Nakita nga niya ito at siya'y nagalak."

57Dahil dito'y sinabi sa kanya ng mga Judio, "Wala ka pang limampung taong gulang, paano mo masasabing nakita mo na si Abraham?"

58Sumagot si Jesus, "Pakatandaan ninyo: bago pa ipinanganak si Abraham, 'Ako ay Ako Na'."

59Nagsidampot sila ng bato upang siya'y batuhin, ngunit nagtago si Jesus at lumabas ng Templo.

## Juan 9

### Pinagaling ni Jesus ang Isang Bulag

1Sa paglalakad ni Jesus, nakita niya ang isang lalaking bulag mula pa nang ipanganak.

2Tinanong siya ng kanyang mga alagad, "Rabi, sino po ang nagkasala at ipinanganak na bulag ang lalaking ito, siya ba o ang kanyang mga magulang?"

3Sumagot si Jesus, "Ipinanganak siyang bulag, hindi dahil sa nagkasala siya, o ang kanyang mga magulang, kundi upang mahayag ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan niya.

4Kailangang gawin natin ang mga ipinapagawa ng nagsugo sa akin habang may araw pa; darating ang gabi, kung kailan wala nang makakapagtrabaho.

5Habang ako'y nasa sanlibutan, ako ang ilaw ng sanlibutan."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Pagkasabi nito, dumura si Jesus sa lupa at gumawa ng putik. Pagkatapos, ipinahid niya ito sa mata ng bulag.

7Sinabi ni Jesus sa bulag, “Pumunta ka sa imbakan ng tubig sa Siloe at maghilamos ka roon.” (Ang kahulugan ng salitang Siloe ay Sinugo.) Pumunta nga ang bulag, naghilamos doon, at pagbalik niya ay nakakakita na.

8Sinabi ng mga kapitbahay niya at ng mga nakakita sa kanya noong siya'y namamalimos pa, “Hindi ba iyan ang lalaking dating nakaupo at namamalimos?”

9Sumagot ang ilan, “Iyan nga!” Sabi naman ng iba, “Hindi! Kamukha lang.” Kaya't nagsalita ang dating bulag, “Ako nga po iyon.”

10“Paano kang nakakita?” tanong nila.

11Sumagot siya, “Ang lalaking tinatawag na Jesus ay gumawa ng putik at ipinahid iyon sa aking mata. Pagkatapos, sinabi niya sa akin, ‘Pumunta ka sa Siloe at maghilamos.’ Pumunta nga ako doon at naghilamos, at nakakita na ako!”

12“Nasaan siya?” tanong nila sa kanya. “Hindi ko alam,” sagot niya.

### Nagsiyasat ang mga Pariseo tungkol sa Pagpapagaling

13Dinala ng mga tao sa mga Pariseo ang dating bulag.

14Araw ng Pamamahinga nang gumawa si Jesus ng putik at nang pinagaling niya ang bulag.

15Tinanong din siya ng mga Pariseo kung paano siya nakakita. Kaya't sinabi niya sa kanila, “Pinahiran niya ng putik ang aking mga mata, ako'y naghilamos at ngayo'y nakakakita na ako.”

16Ang sabi ng ilang Pariseo, “Hindi maaaring mula sa Diyos ang taong iyon, sapagkat hindi niya ipinapangilin ang Araw ng Pamamahinga.” Ngunit sinabi naman ng iba, “Paanong makakagawa ng ganitong mga himala ang isang makasalanan?” At hindi sila magkaisa.

17Kaya't tinanong nilang muli ang dating bulag, “At ikaw, ano naman ang masasabi mo tungkol sa kanya, dahil pinagaling niya ang iyong mga mata?” “Isa siyang propeta!” sagot niya.

18Ayaw maniwala ng mga Judio na siya'y talagang dating bulag na ngayo'y nakakakita na kaya't ipinatawag nila ang kanyang mga magulang.

19“Anak nga ba ninyo ito? Talaga bang siya'y ipinanganak na bulag? Ano'ng nangyari at nakakakita na siya ngayon?” tanong nila.

20Sumagot ang kanyang mga magulang, “Alam naming anak namin siya at alam din naming siya'y ipinanganak na bulag.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Ngunit hindi po namin alam kung ano ang nangyari at nakakakita na siya ngayon, o kung sino ang nagpagaling sa kanya. Siya na po ang tanungin ninyo. Nasa hustong gulang na siya. Makakapagsalita na siya para sa kanyang sarili.”

22Ganito ang sinabi ng kanyang mga magulang dahil sa kanilang takot sa mga pinuno ng mga Judio. Sapagkat pinagkaisahan na ng mga Judio na ang sinumang magpahayag na si Jesus ang Cristo ay ititiwalag sa sinagoga.

23Ito ang dahilan kung bakit sinabi ng kanyang mga magulang, “Siya'y nasa hustong gulang na, siya ang tanungin ninyo.”

24Muli nilang ipinatawag ang dating bulag at sinabi sa kanya, “Sa ngalan ng Diyos, magsabi ka ng totoo. Alam naming ang taong iyon ay makasalanan.”

25Sumagot siya, “Hindi ko po alam kung siya'y makasalanan, o hindi. Isang bagay po ang alam ko; ako'y dating bulag, subalit ngayo'y nakakakita na.”

26“Ano ang ginawa niya sa iyo? Paano niya pinagaling ang iyong mga mata?” tanong nila.

27Sumagot siya, “Sinabi ko na po sa inyo, at ayaw naman ninyo akong paniwalaan. Bakit gusto ninyong marinig muli? Nais ba ninyong maging alagad din niya?”

28At siya'y kanilang nilait, “Ikaw ang alagad niya! Kami'y mga alagad ni Moises.

29Nalalaman naming nagsalita ang Diyos kay Moises ngunit ang taong iyon, ni hindi namin alam kung saan siya nanggaling!”

30Sumagot ang lalaki, “Iyan nga po ang nakapagtataka! Hindi ninyo alam kung saan siya nanggaling, gayunma'y pinagaling niya ang aking mga mata.

31Alam nating hindi pinapakinggan ng Diyos ang mga makasalanan, ngunit pinapakinggan niya ang mga sumasamba sa kanya at sumusunod sa kanyang kalooban.

32Mula pa nang likhain ang mundo ay wala pa tayong nabalitaang nakapagpagaling ng mata ng taong ipinanganak na bulag.

33Wala pong magagawa ang taong iyon kung siya'y hindi mula sa Diyos!”

34Sumagot sila, “Ipinanganak kang lubos na makasalanan at ngayo'y nais mo pa kaming turuan!” At siya'y kanilang itiniwalag.

**Mga Bulag sa Espiritu**

35Nabalitaan ni Jesus na ang lalaking pinagaling niya ay itiniwalag ng mga Pariseo. Kaya't nang matagpuan niya ito ay kanyang tinanong, “Sumasampalataya ka ba sa Anak ng Tao?”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

36Sumagot ang lalaki, “Sino po ba siya, Ginoo? Sabihin ninyo sa akin upang ako'y sumampalataya sa kanya.”

37“Siya'y nakita mo na. Siya ang kausap mo ngayon,” wika ni Jesus.

38“Sumasampalataya po ako, Panginoon!” sabi ng lalaki. At sinamba niya si Jesus.

39Sinabi ni Jesus, “Naparito ako sa mundong ito upang humatol, at nang sa gayo'y makakita ang mga bulag at mabulag naman ang mga nakakakita.”

40Narinig ito ng ilang Pariseong naroon at siya'y kanilang tinanong, “Ibig mo bang sabihi'y mga bulag din kami?”

41Sumagot si Jesus, “Kung kayo nga'y bulag, hindi sana kayo hahatulang maysala. Ngunit dahil sinasabi ninyong nakakakita kayo, nananatili kayong maysala.”

## Juan 10

### Ang Tunay na Pastol

1“Tandaan ninyo ito: ang pumapasok sa kulungan ng mga tupa nang hindi sa pinto nagdaraan, kundi umaakyat sa di dapat pagdaanan ay magnanakaw at tulisan.

2Ngunit ang nagdaraan sa pintuan ay siyang pastol ng mga tupa.

3Pinapapasok siya ng bantay, at pinapakinggan ng mga tupa ang kanyang tinig. Tinatawag niya ang kanyang mga tupa sa kani-kanilang pangalan, at inilalabas sa kulungan.

4Kapag nailabas na, siya'y nangunguna sa kanila at sumusunod naman ang mga ito sapagkat kilala nila ang kanyang tinig.

5Hindi sila susunod sa iba, kundi tatakbong palayo, sapagkat hindi nila kilala ang tinig ng iba.”

6Sinabi ni Jesus ang paglalarawang ito ngunit hindi nila naunawaan ang ibig niyang sabihin.

### Si Jesus ang Mabuting Pastol

7Kaya't muling sinabi ni Jesus, “Pakatandaan ninyo: ako ang pintuang dinaraanan ng mga tupa.

8Ang mga nauna sa akin ay mga magnanakaw at mga tulisan, ngunit hindi sila pinakinggan ng mga tupa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Ako ang pintuan. Ang sinumang pumapasok sa pamamagitan ko'y maliligtas. Papasok siya't lalabas, at makakatagpo ng pastulan.

10Dumarating ang magnanakaw para lamang magnakaw, pumatay, at manira. Naparito ako upang ang mga tupa ay magkaroon ng buhay, buhay na masaganang lubos.

11“Ako ang mabuting pastol. Iniaalay ng mabuting pastol ang kanyang buhay para sa mga tupa.

12Ang upahan ay tumatakas kapag may dumarating na asong-gubat. Iniiwan niya ang mga tupa, palibhasa'y hindi siya pastol at hindi kanya ang mga ito. Kaya't sinusunggaban ng asong-gubat ang mga ito at binubulabog.

13Tumatakas siya, palibhasa'y upahan lamang at walang malasakit sa mga tupa.

14-15Ako nga ang mabuting pastol. Kung paanong kilala ako ng Ama at siya'y kilala ko, gayundin naman, kilala ko ang aking mga tupa at ako nama'y kilala nila. At iniaalay ko ang aking buhay para sa aking mga tupa.

16Mayroon akong iba pang mga tupa na wala pa sa kulungang ito. Kinakailangang sila'y ipasok ko rin, at papakinggan nila ang aking tinig. Sa gayon, magkakaroon ng isang kawan na may isang pastol.

17“Dahil dito'y minamahal ako ng Ama, sapagkat iniaalay ko ang aking buhay upang ito'y kunin kong muli.

18Walang makakakuha ng aking buhay; kusa ko itong ibinibigay. Mayroon akong kapangyarihang ibigay ito at mayroon akong kapangyarihang kunin itong muli. Ang utos na ito'y tinanggap ko mula sa aking Ama.”

19Dahil sa mga pananalitang ito, nagkabaha-bahagi muli ang mga Judio.

20Marami sa kanila ang nagsabi, “Sinasapian siya ng demonyo! Nababaliw siya! Bakit kayo nakikinig sa kanya?”

21Sinabi naman ng iba, “Hindi makakapagsalita nang ganoon ang isang sinasapian ng demonyo! Nakakapagpagaling ba ng bulag ang demonyo?”

**Itinakwil ng mga Judio si Jesus**

22Taglamig na noon at kasalukuyang ipinagdiriwang sa Jerusalem ang Pista ng Pagtatalaga ng Templo.

23Habang naglalakad si Jesus sa Templo, sa Portiko ni Solomon,

24pinaligiran siya ng mga Judio at sinabi sa kanya, “Hanggang kailan mo kami paghihintayin? Kung ikaw nga ang Cristo, sabihin mo na nang maliwanag.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Sumagot si Jesus, "Sinabi ko na sa inyo, ngunit ayaw ninyong maniwala.
Ang mga ginagawa ko sa pangalan ng aking Ama ang nagpapatotoo tungkol
sa akin.

26Ngunit ayaw ninyong maniwala sapagkat hindi kayo kabilang sa aking mga
tupa.

27Nakikinig sa akin ang aking mga tupa; nakikilala ko sila, at sumusunod sila
sa akin.

28Binibigyan ko sila ng buhay na walang hanggan. Kailanma'y hindi sila
mapapahamak at hindi sila maaagaw sa akin ninuman.

29Ang aking Ama na siyang nagbigay sa kanila sa akin ay lalong dakila sa
lahat, at hindi sila maaagaw ninuman sa aking Ama.

30Ako at ang Ama ay iisa."

31Muling dumampot ng bato ang mga Judio upang batuhin si Jesus.

32Kaya't sinabi niya sa kanila, "Marami akong ipinakita sa inyo na
mabubuting gawa mula sa Ama. Alin sa mga ito ang dahilan at ako'y inyong
babatuhin?"

33Sumagot ang mga Judio, "Hindi dahil sa mabubuting gawa kaya ka namin
babatuhin, kundi dahil sa paglapastangan mo sa Diyos! Sapagkat
ipinapantay mo ang iyong sarili sa Diyos, gayong tao ka lamang."

34Tumugon si Jesus, "Hindi ba nasusulat sa inyong Kautusan, 'Sinabi ko,
mga diyos kayo'?

35Tinawag na diyos ang mga pinagkatiwalaan ng salita ng Diyos, at hindi
maaaring ipawalang-bisa ang sinasabi ng kasulatan.

36Ako'y pinili at isinugo ng Ama; paano ninyo ngayon masasabing
nilalapastangan ko ang Diyos dahil sa sinabi kong ako ang Anak ng Diyos?

37Kung hindi ko ginagawa ang mga ipinapagawa ng aking Ama, huwag ninyo
akong paniwalaan.

38Ngunit kung ginagawa ko ang mga ito, paniwalaan ninyo ang aking mga
gawa kung ayaw man ninyong maniwala sa akin. Sa gayon, matitiyak
ninyong nasa akin ang Ama at ako'y nasa Ama."

39Kaya't tinangka na naman nilang dakpin si Jesus, ngunit natakasan niya
sila.

40Muling pumunta si Jesus sa ibayo ng Jordan, sa pook na dating
pinagbabautismuhan ni Juan. Nanatili siya roon

41at maraming lumapit sa kanya. Sinabi nila, "Walang ginawang himala si
Juan ngunit totoo ang lahat ng sinabi niya tungkol sa taong ito."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

42At doo'y maraming sumampalataya kay Jesus.

## Juan 11

### Ang Pagkamatay ni Lazaro

1May isang taong nagngangalang Lazaro na nagkasakit. Nakatira siya sa Bethania kasama ang mga kapatid niyang sina Maria at Martha.

2Si Maria ang nagbuhos ng pabango sa paa ng Panginoon at pagkatapos ay pinunasan iyon ng kanyang buhok. Dahil may sakit si Lazaro,

3nagpasabi kay Jesus ang magkapatid, “Panginoon, ang minamahal ninyong kaibigan ay may sakit.”

4Nang marinig ito ni Jesus ay sinabi niya, “Hindi niya ikamamatay ang sakit na ito. Nangyari iyon upang maparangalan ang Diyos at sa pamamagitan nito'y maparangalan ang Anak ng Diyos.”

5Mahal ni Jesus ang magkakapatid na Martha, Maria at Lazaro.

6Gayunman, nagpalipas pa siya doon ng dalawang araw mula nang mabalitaang may sakit si Lazaro.

7Pagkatapos nito, sinabi niya sa kanyang mga alagad, “Magbalik tayo sa Judea.”

8Sumagot ang mga alagad, “Rabi, hindi po ba't kamakailan lamang ay pinagtangkaan kayong batuhin ng mga tao? Bakit pupunta na naman kayo doon?”

9Sinabi ni Jesus, “Hindi ba't may labindalawang oras sa maghapon? Hindi matitisod ang lumalakad kung umaga sapagkat nakikita niya ang nagbibigay-liwanag sa daigdig na ito.

10Subalit natitisod ang lumalakad kung gabi sapagkat wala na siyang liwanag.”

11Idinugtong pa ni Jesus, “Natutulog ang kaibigan nating si Lazaro. Pupunta ako upang gisingin siya.”

12“Panginoon, kung natutulog lang po siya ay gagaling siya,” sagot ng mga alagad.

13Ang ibig sabihin ni Jesus ay patay na si Lazaro, ngunit ang akala ng mga alagad ay talagang natutulog lamang ito.

14Dahil dito'y tuwirang sinabi ni Jesus, “Patay na si Lazaro;

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15ngunit dahil sa inyo, ako'y nagagalak na wala ako roon, nang sa gayon ay sumampalataya kayo sa akin. Tayo na, puntahan natin siya.”

16Sinabi ni Tomas, na tinatawag na Kambal, sa kanyang mga kasama, “Sumama tayo sa kanya, nang mamatay tayong kasama niya.”

### Si Jesus ang Muling Pagkabuhay at ang Buhay

17Pagdating ni Jesus, nalaman niyang apat na araw nang nakalibing si Lazaro.

18May tatlong kilometro lamang ang layo ng Jerusalem sa Bethania,

19at maraming Judio ang dumalaw kina Martha at Maria upang makiramay sa pagkamatay ng kanilang kapatid.

20Nang mabalitaan ni Martha na dumarating si Jesus, sinalubong niya ito, ngunit si Maria nama'y naiwan sa bahay.

21Sinabi ni Martha, “Panginoon, kung narito po kayo, hindi sana namatay ang kapatid ko.

22Subalit alam kong kahit ngayo'y ipagkakaloob sa inyo ng Diyos ang anumang hingin ninyo sa kanya.”

23“Muling mabubuhay ang iyong kapatid,” sabi ni Jesus.

24Sumagot si Martha, “Alam ko pong siya'y mabubuhay muli sa huling araw.”

25Sinabi sa kanya ni Jesus, “Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay. Ang sinumang sumasampalataya sa akin, kahit mamatay ay muling mabubuhay;

26at sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay kailanman. Naniniwala ka ba sa sinabi ko?”

27Sumagot siya, “Opo, Panginoon! Naniniwala po akong kayo ang Cristo, ang Anak ng Diyos na inaasahang darating sa sanlibutan.”

### Tumangis si Jesus

28Pagkasabi nito, umuwi si Martha. Tinawag niya si Maria at binulungan, “Naririto na ang Guro at ipinapatawag ka.”

29Pagkarinig nito'y nagmadaling tumayo si Maria upang salubungin si Jesus.

30Wala pa si Jesus sa nayon; naroon pa lamang siya sa lugar kung saan siya sinalubong ni Martha.

31Nang makitang si Maria'y nagmamadaling tumayo at lumabas, sinundan siya ng mga Judiong nakikiramay sa kanila. Akala nila'y pupunta siya sa libingan upang umiyak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

32Pagdating ni Maria sa kinaroroonan ni Jesus, nagpatirapa siya sa paanan nito at nagsabi, “Panginoon, kung narito po lamang kayo, hindi sana namatay ang aking kapatid.”

33Nahabag si Jesus at nabagbag ang kanyang kalooban nang makita niyang umiiyak si Maria, pati ang mga Judiong kasama nito.

34“Saan ninyo siya inilibing?” tanong ni Jesus. Sumagot sila, “Panginoon, halikayo at tingnan ninyo.”

35Tumangis si Jesus.

36Kaya't sinabi ng mga Judio, “Tingnan ninyo, talagang mahal na mahal niya si Lazaro!”

37Sinabi naman ng ilan, “Napagaling niya ang bulag, bakit hindi niya napigilang mamatay si Lazaro?”

**Muling Binuhay si Lazaro**

38Muling nabagbag ang kalooban ni Jesus pagdating sa libingan. Ang pinaglibingan kay Lazaro ay isang yungib na natatakpan ng malaking bato.

39“Alisin ninyo ang bato,” utos ni Jesus. Ngunit si Martha na kapatid ng namatay ay sumagot, “Panginoon, nangangamoy na po siya ngayon; apat na araw na siyang patay.”

40Sinabi ni Jesus, “Hindi ba't sinabi ko sa iyo na kung sasampalataya ka ay makikita mo ang kaluwalhatian ng Diyos?”

41Kaya't inalis nila ang bato. Tumingala si Jesus sa langit at sinabi, “Ama, nagpapasalamat ako sa iyo sapagkat dininig mo ako,

42at alam kong lagi mo akong dinirinig. Ngunit sinasabi ko ito dahil sa mga taong naririto, upang maniwala silang ikaw ang nagsugo sa akin.”

43Pagkasabi nito ay sumigaw siya, “Lazaro, lumabas ka!”

44Lumabas nga si Lazaro na nababalot ng telang panlibing ang mga kamay at paa; may nakabalot ding tela sa mukha niya. Inutos ni Jesus sa kanila, “Kalagan ninyo siya at nang makalakad siya.”

**Ang Balak Laban kay Jesus**

(Mt. 26:1-5; Mc. 14:1-2; Lu. 22:1-2)

45Marami sa mga Judiong dumalaw kina Maria ang nakakita sa ginawa ni Jesus, at sumampalataya sila sa kanya.

46Ngunit may ilan sa kanila na pumunta sa mga Pariseo at ibinalita ang ginawa ni Jesus.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

47Kaya't tinipon ng mga punong pari at mga Pariseo ang mga kagawad ng Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio. Kanilang sinabi, “Ano ang gagawin natin? Gumagawa ng maraming himala ang taong ito.

48Kung siya'y pababayaan nating magpatuloy sa kanyang mga ginagawa, maniniwala sa kanya ang lahat. Paparito ang mga Romano at wawasakin ang ating Templo at ang ating bansa.”

49Ngunit ang isa sa kanila, si Caifas na siyang Pinakapunong Pari nang taóng iyon, ay nagsabing, “Wala kayong alam!

50Hindi ba ninyo naiisip na mas mabuti sa inyo na isang tao lamang ang mamatay alang-alang sa bayan, kaysa mapahamak ang buong bansa?”

51Hindi mula sa kanyang sarili ang sinabi niyang ito. Bilang Pinakapunong Pari nang taóng iyon, nagpahayag siya ng propesiya na dapat mamatay si Jesus alang-alang sa bansa

52at hindi lamang para sa bansa kundi upang tipunin ang mga anak ng Diyos na nasa iba't ibang dako.

53Mula noon, pinagplanuhan na nila kung paano maipapapatay si Jesus.

54Dahil dito, si Jesus ay hindi na hayagang naglakad sa Judea. Sa halip, siya'y nagpunta sa Efraim, isang bayang malapit sa ilang, at doon muna tumigil kasama ng kanyang mga alagad.

55Nalalapit na ang Pista ng Paskwa. Maraming taga-lalawigan ang pumunta sa Jerusalem bago sumapit ang kapistahan upang isagawa ang seremonya ng paglilinis.

56Hinanap nila si Jesus, at habang sila'y nag-uusap-usap sa Templo, sila'y nagtanungan, “Ano sa palagay ninyo? Paparito kaya siya sa pista?”

57Ipinag-utos ng mga punong pari at ng mga Pariseo na ipagbigay-alam sa kanila ng mga tao kapag nalaman nila kung nasaan si Jesus upang ito'y maipadakip nila.

## Juan 12

### Binuhusan ng Pabango ang mga Paa ni Jesus

(Mt. 26:6-13; Mc. 14:3-9)

1Anim na araw bago sumapit ang Pista ng Paskwa, si Jesus ay nagpunta sa Bethania, kung saan nakatira si Lazaro na kanyang muling binuhay.

2Isang hapunan ang inihanda roon para sa kanya. Si Lazaro ay isa sa mga kasalo ni Jesus samantalang si Martha naman ay tumutulong sa paglilingkod sa kanila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Kumuha naman si Maria ng isang bote ng mamahaling pabangong galing sa katas ng dalisay na nardo, at ibinuhos sa mga paa ni Jesus. Pagkatapos, pinunasan niya ang mga ito ng kanyang buhok. At napuno ang buong bahay ng halimuyak ng pabango.

4Ito'y pinuna ni Judas Iscariote, ang alagad na magkakanulo sa kanya. Sinabi niya,

5“Bakit hindi na lamang ipinagbili ang pabango at ibinigay sa mga dukha ang pinagbilhan? Maaaring umabot sa tatlong daang salaping pilak ang halaga ng pabangong iyan!”

6Sinabi iyon ni Judas, hindi dahil sa siya'y may malasakit sa mga dukha, kundi dahil sa siya'y magnanakaw. Siya ang tagapagdala ng kanilang salapi, at madalas niyang kinukupitan ito.

7Ngunit sinabi ni Jesus, “Pabayaan ninyo siya! Hayaan ninyong ilaan niya ito para sa araw ng aking libing.

8Habang panaho'y kasama ninyo ang mga dukha, ngunit ako'y hindi ninyo kasama habang panahon.”

**Ang Balak Laban kay Lazaro**

9Nabalitaan ng maraming Judio na si Jesus ay nasa Bethania kaya't nagpunta sila roon upang makita siya at si Lazaro, na kanyang muling binuhay.

10Kaya't binalak ng mga punong pari na ipapatay din si Lazaro,

11sapagkat dahil sa kanya'y maraming Judio ang humihiwalay na sa kanila at sumasampalataya kay Jesus.

**Ang Matagumpay na Pagpasok sa Jerusalem**
(Mt. 21:1-11; Mc. 11:1-11; Lu. 19:28-40)

12Kinabukasan, nabalitaan ng maraming taong dumalo sa pista na si Jesus ay papunta sa Jerusalem.

13Kumuha sila ng mga palapa ng palmera, at lumabas sila sa lungsod upang siya'y salubungin. Sila'y sumisigaw, “Purihin ang Diyos. Pinagpala ang dumarating sa pangalan ng Panginoon! Purihin ang Hari ng Israel!”

14Nakakita si Jesus ng isang batang asno at sinakyan niya ito, gaya ng nasusulat,

15“Huwag kang matakot, lungsod ng Zion! Masdan mo, dumarating ang iyong hari, nakasakay sa isang batang asno!”

16Hindi ito naunawaan noon ng kanyang mga alagad. Ngunit matapos na si Jesus ay maluwalhating nabuhay muli, naalala nilang ganoon nga ang sinasabi sa kasulatan tungkol sa kanya, kaya't gayon nga ang nangyari.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Ang mga taong kasama ni Jesus noong tawagin niya si Lazaro mula sa libingan at muli niya itong binuhay ay nagpatotoo tungkol sa nangyari.

18At ito ang dahilan kaya siya sinalubong ng napakaraming tao—nabalitaan nila ang himalang ginawa niya.

19Kaya't nasabi ng mga Pariseo, “Nakikita ninyong walang nangyayari sa mga ginagawa natin. Tingnan ninyo, sumusunod sa kanya ang buong mundo!”

**Hinanap ng Ilang Griego si Jesus**

20May ilang Griegong dumalo sa pista upang sumamba.

21Lumapit sila kay Felipe na taga-Bethsaida sa Galilea, at nakiusap, “Ginoo, nais po naming makita si Jesus.”

22Ito'y sinabi ni Felipe kay Andres, at magkasama silang nagsabi nito kay Jesus.

23Sumagot si Jesus, “Dumating na ang oras upang luwalhatiin ang Anak ng Tao.

24Pakatandaan ninyo: hangga't hindi nahuhulog sa lupa ang butil ng trigo at mamatay, mananatili itong nag-iisa. Ngunit kung ito'y mamatay, mamumunga ito nang sagana.

25Ang taong nagpapahalaga sa kanyang buhay ay siyang mawawalan nito, ngunit ang taong hindi nagpapahalaga sa kanyang buhay sa daigdig na ito ay siyang magkakaroon ng buhay na walang hanggan.

26Ang naghahangad na maglingkod sa akin ay dapat sumunod sa akin, at saanman ako naroroon ay naroroon din siya. Pararangalan ng Ama ang sinumang naglilingkod sa akin.”

**Ipinahiwatig ni Jesus ang Kanyang Pagkamatay**

27“Ako'y nababagabag ngayon. Sasabihin ko bang, ‘Ama, huwag mong hayaang sumapit sa akin ang oras na ito ng paghihirap’? Hindi! Sapagkat ito ang dahilan kung bakit ako naparito—upang danasin ang oras na ito.

28Ama, luwalhatiin mo ang iyong pangalan.” Isang tinig mula sa langit ang nagsabi, “Niluwalhati ko na ito, at muli kong luluwalhatiin.”

29Narinig iyon ng mga taong naroon kaya't sinabi nila, “Kumulog!” Sabi naman ng iba, “Nagsalita sa kanya ang isang anghel!”

30Sinabi sa kanila ni Jesus, “Ang tinig na iyon ay ipinarinig para sa inyo at hindi para sa akin.

31Panahon na upang hatulan ang mundong ito. Panahon na rin upang hatulan ang pinuno ng mundong ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

32At kung ako'y maitaas na, ilalapit ko sa aking sarili ang lahat ng tao."

33Sinabi niya ito upang ipahiwatig kung paano siya mamamatay.

34Sinagot siya ng mga tao, "Sinasabi sa amin ng Kautusan na ang Cristo ay mananatili magpakailanman. Bakit mo sinasabing dapat maitaas ang Anak ng Tao? Sino ba ang Anak ng Taong ito?"

35Sinabi ni Jesus sa kanila, "Kaunting panahon na lamang ninyong makakasama ang ilaw. Lumakad kayo habang kasama pa ninyo ang ilaw upang hindi kayo abutan ng dilim. Hindi alam ng lumalakad sa dilim kung saan siya pupunta.

36Sumampalataya kayo sa ilaw habang kasama pa ninyo ang ilaw, upang kayo'y maging mga anak ng liwanag."

**Hindi Sumampalataya kay Jesus ang mga Judio**

Pagkasabi nito, si Jesus ay umalis doon at hindi na muling nagpakita sa kanila.

37Kahit na nasaksihan nila ang maraming himalang ginawa niya, hindi pa rin sila naniwala sa kanya.

38Nangyari ito upang matupad ang sinabi ni Propeta Isaias, "Panginoon, sino ang naniwala sa aming ibinalita? Kanino ipinakita ng Panginoon ang kanyang kapangyarihan?"

39Hindi nga sila makapaniwala sapagkat tulad ng sinabi ni Isaias,

40"Binulag ng Diyos ang kanilang mga mata at pinatigas ang kanilang mga puso, upang sila'y hindi makakita, ni makaunawa ang kanilang mga isip, baka pa sila'y manumbalik sa akin at sila'y pagalingin ko."

41Sinabi ito ni Isaias sapagkat nakita niya ang kaluwalhatian ni Jesus, at nagpahayag siya tungkol kay Jesus.

42Gayunman, marami ring pinuno ng mga Judio ang naniwala sa kanya. Subalit hindi nila maipahayag ito dahil sa takot sa mga Pariseo, na baka sila'y itiwalag sa sinagoga.

43Mas ginusto nilang parangalan sila ng tao kaysa parangalan ng Diyos.

**Ang Salita ni Jesus ang Hahatol**

44Malakas na sinabi ni Jesus, "Ang nananalig sa akin ay hindi lamang sa akin nananalig, kundi pati sa nagsugo sa akin.

45At ang nakakita sa akin ay nakakita na rin sa nagsugo sa akin.

46Ako'y naparito bilang ilaw ng sanlibutan, upang ang manalig sa akin ay huwag manatili sa kadiliman.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

47Hindi ako ang humahatol sa taong dumirinig ng aking salita, ngunit ayaw namang sumunod dito. Sapagkat hindi ako naparito upang hatulan ang sanlibutan, kundi upang iligtas ito.

48May ibang hahatol sa mga ayaw tumanggap sa akin at sa aking mga salita. Ang salitang ipinahayag ko ang hahatol sa kanila sa huling araw.

49Sapagkat hindi ako nagsalita nang mula sa sarili ko lamang; ang Ama na nagsugo sa akin ang siyang nag-utos kung ano ang aking sasabihin at ipahahayag.

50At alam kong ang kanyang utos ay nagbibigay ng buhay na walang hanggan. Kaya't ang ipinapasabi ng Ama ang siya kong ipinapahayag."

## Juan 13

### Hinugasan ni Jesus ang mga Paa ng mga Alagad

1Bisperas na noon ng Paskwa. Alam ni Jesus na dumating na ang takdang oras ng kanyang pag-alis sa daigdig na ito upang bumalik sa Ama. Mahal niya ang kanyang mga tagasunod na nasa daigdig, at sila'y minahal niya hanggang sa wakas.

2Pagsapit ng hapunan, inilagay na ng diyablo sa isip ni Judas, na anak ni Simon Iscariote, na ipagkanulo niya si Jesus.

3Alam ni Jesus na ibinigay na ng Ama sa kanya ang buong kapangyarihan; at alam niyang siya'y mula sa Diyos at babalik sa Diyos.

4Kaya't siya'y tumayo mula sa hapag, nag-alis ng panlabas na balabal at nagbigkis ng tuwalya sa baywang.

5Pagkatapos, naglagay siya ng tubig sa palanggana at sinimulang hugasan ang mga paa ng mga alagad at punasan ng tuwalyang nakabigkis sa kanyang baywang.

6Paglapit niya kay Simon Pedro, sinabi nito sa kanya, "Panginoon, huhugasan n'yo ba ang aking mga paa?"

7Sumagot si Jesus, "Hindi mo nauunawaan ngayon ang ginagawa ko, ngunit mauunawaan mo rin pagkatapos."

8Muling nagsalita si Pedro, "Hinding-hindi ninyo huhugasan ang aking mga paa!" Ngunit sinabi ni Jesus, "Kung hindi kita huhugasan, wala kang kaugnayan sa akin."

9Dahil dito'y sinabi ni Simon Pedro, "Kung gayon, hindi lamang ang mga paa ko, kundi pati na rin ang aking mga kamay at ulo!"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[10]Sumagot si Jesus, "Ang nakapaligo na ay hindi na kailangang hugasan pa [maliban sa kanyang mga paa], sapagkat malinis na ang buo niyang katawan. At kayo'y malinis na, subalit hindi lahat kayo."

[11]Dahil alam na ni Jesus kung sino ang magkakanulo sa kanya kaya sinabi niyang malinis na sila, subalit hindi lahat.

[12]Nang mahugasan na ni Jesus ang kanilang mga paa, muli niyang isinuot ang kanyang balabal at nagbalik sa kinaupuan niya. Sinabi niya sa kanila, "Nauunawaan ba ninyo kung ano ang ginawa ko sa inyo?

[13]Tinatawag ninyo akong Guro at Panginoon, at tama kayo, sapagkat ganoon nga ako.

[14]Kung ako ngang Panginoon at Guro ninyo ay naghugas ng inyong mga paa, dapat din ninyong hugasan ang mga paa ng isa't isa.

[15]Binigyan ko kayo ng halimbawa upang inyong tularan.

[16]Pakatandaan ninyo, ang alipin ay hindi nakakahigit sa kanyang panginoon, ni ang sinugo kaysa sa nagsugo sa kanya.

[17]Ngayong alam na ninyo ito, pinagpala kayo kung ito'y gagawin ninyo.

[18]"Hindi kayong lahat ang tinutukoy ko; kilala ko ang aking mga pinili. Ngunit dapat matupad ang sinasabi sa kasulatan, 'Ako'y pinagtaksilan ng taong pinapakain ko ng tinapay.'

[19]Sinasabi ko ito sa inyo bago pa mangyari upang kapag ito'y nangyari na, sasampalataya kayo na 'Ako'y Ako Nga'.

[20]Pakatandaan ninyo, ang tumatanggap sa sinugo ko ay tumatanggap sa akin, at ang tumatanggap naman sa akin ay tumatanggap sa nagsugo sa akin."

### Inihayag ni Jesus ang Pagkakanulo sa Kanya

(Mt. 26:20-25; Mc. 14:17-21; Lu. 22:21-23)

[21]Pagkasabi nito, si Jesus ay labis na nabagabag at nagpahayag sa kanila, "Tandaan ninyo: ipagkakanulo ako ng isa sa inyo."

[22]Nagtinginan ang mga alagad sapagkat hindi nila alam kung sino ang kanyang tinutukoy.

[23]Katabi noon ni Jesus ang alagad na minamahal niya,

[24]kaya't sinenyasan siya ni Simon Pedro at sinabihan, "Itanong mo nga kung sino ang tinutukoy niya."

[25]Humilig ang alagad na ito sa dibdib ni Jesus at nagtanong, "Panginoon, sino po ba iyon?"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26“Siya ang taong aabután ko ng tinapay na aking isinawsaw,” sagot ni Jesus. Nagsawsaw nga siya ng tinapay at ibinigay iyon kay Judas na anak ni Simon Iscariote.

27Nang matanggap ni Judas ang tinapay, pumasok sa kanya si Satanas. Sinabi ni Jesus kay Judas, “Gawin mo kaagad ang dapat mong gawin.”

28Walang sinuman sa mga kasalo ni Jesus ang nakaunawa kung bakit niya sinabi iyon.

29Dahil si Judas ang may hawak ng kanilang salapi, akala nila'y pinapabili siya ni Jesus ng kakailanganin nila sa pagdiriwang, o kaya'y pinapabigyan niya ng limos ang mga dukha.

30Pagkatanggap ni Judas ng tinapay, kaagad siyang umalis. Gabi na noon.

### Ang Bagong Utos

31Pagkaalis ni Judas ay sinabi ni Jesus, “Ngayo'y luluwalhatiin na ang Anak ng Tao, at sa pamamagitan niya ay luluwalhatiin ang Diyos.

32[At kapag niluwalhati na ang Diyos sa pamamagitan ng Anak ng Tao], ang Diyos naman ang luluwalhati sa Anak, at ito'y gagawin niya agad.

33Mga anak, kaunting panahon na lamang ninyo akong makakasama. Hahanapin ninyo ako, ngunit sinasabi ko sa inyo ngayon ang sinabi ko noon sa mga Judio, ‘Hindi kayo makakapunta sa pupuntahan ko.’

34“Isang bagong utos ang ibinibigay ko sa inyo ngayon: magmahalan kayo! Kung paano ko kayo minahal, gayundin naman, magmahalan kayo.

35Kung kayo'y may pagmamahal sa isa't isa, makikilala ng lahat na kayo'y mga alagad ko.”

### Inihayag ni Jesus ang Pagkakaila ni Pedro

(Mt. 26:31-35; Mc. 14:27-31; Lu. 22:31-34)

36“Saan po kayo pupunta, Panginoon?” tanong ni Simon Pedro. Sumagot si Jesus, “Sa pupuntahan ko'y hindi ka makakasunod ngayon, ngunit susunod ka pagkatapos.”

37Sumagot si Pedro, “Bakit po hindi ako makakasunod sa inyo ngayon? Buhay ko ma'y iaalay ko para sa inyo.”

38Sumagot si Jesus, “Iaalay mo ang iyong buhay para sa akin? Tandaan mo: bago tumilaok ang manok, tatlong beses mo akong ikakaila.”

## Juan 14

### Si Jesus ang Daan

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1“Huwag mabagabag ang inyong kalooban; sumampalataya kayo sa Diyos, sumampalataya din kayo sa akin.

2Sa bahay ng aking Ama ay maraming silid. Kung hindi ito totoo, sasabihin ko ba sa inyong pupunta ako roon upang ipaghanda ko kayo ng inyong matitirhan?

3At kapag naipaghanda ko na kayo ng matitirhan, ako'y babalik at isasama ko kayo upang kayo'y makapiling ko kung saan ako naroroon.

4At alam na ninyo ang daan patungo sa pupuntahan ko.”

5Sinabi sa kanya ni Tomas, “Panginoon, hindi po namin alam kung saan kayo pupunta, paano naming malalaman ang daan?”

6Sumagot si Jesus, “Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko.

7Kung ako'y kilala ninyo, kilala na rin ninyo ang aking Ama. Mula ngayon ay kilala na ninyo siya at inyo nang nakita.”

8Sinabi sa kanya ni Felipe, “Panginoon, ipakita po ninyo sa amin ang Ama at masisiyahan na kami.”

9Sumagot si Jesus, “Kay tagal na ninyo akong kasama, hanggang ngayo'y hindi mo pa ako kilala, Felipe? Ang nakakita sa akin ay nakakita na sa Ama. Bakit mo sinasabing ‘Ipakita mo sa amin ang Ama’?

10Hindi ka ba naniniwalang ako'y nasa Ama at ang Ama ay nasa akin? Hindi sa akin galing ang sinasabi ko sa inyo. Ngunit ang Ama na nananatili sa akin ang siyang gumaganap ng kanyang gawain.

11Maniwala kayo sa akin; ako'y nasa Ama at ang Ama ay nasa akin. Kung ayaw ninyong maniwala sa sinasabi ko, maniwala kayo dahil sa mga ginagawa ko.

12Pakatandaan ninyo: ang nananalig sa akin ay makakagawa ng mga ginagawa ko, at higit pa kaysa rito, sapagkat babalik na ako sa Ama.

13At anumang hilingin ninyo sa pangalan ko ay gagawin ko upang luwalhatiin ang Ama sa pamamagitan ng Anak.

14Kung hihiling kayo ng anuman sa pangalan ko, ito ay aking gagawin.”

**Ang Pangako tungkol sa Espiritu Santo**

15“Kung iniibig ninyo ako, tutuparin ninyo ang aking mga utos.

16Dadalangin ako sa Ama, upang kayo'y bigyan niya ng isa pang Patnubay na magiging kasama ninyo magpakailanman.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Siya ang Espiritu ng katotohanan, na hindi matanggap ng sanlibutan sapagkat siya ay hindi nakikita ni nakikilala ng sanlibutan. Ngunit nakikilala ninyo siya, sapagkat siya'y nasa inyo at siya'y mananatili sa inyo.

18“Hindi ko kayo iiwang mga ulila; babalik ako sa inyo.

19Kaunting panahon na lamang at hindi na ako makikita ng sanlibutang ito. Ngunit ako'y makikita ninyo; sapagkat buháy ako, mabubuhay rin kayo.

20Sa araw na iyon ay malalaman ninyong ako'y nasa Ama, at kayo nama'y nasa akin at ako'y nasa inyo.

21“Ang tumatanggap sa mga utos ko at tumutupad sa mga ito ang siyang umiibig sa akin. Ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking Ama; iibigin ko rin siya at ako'y lubusang magpapakilala sa kanya.”

22Tinanong siya ni Judas (hindi si Judas Iscariote), “Panginoon, bakit po sa amin lamang kayo magpapakilala nang lubusan at hindi sa sanlibutan?”

23Sumagot si Jesus, “Ang umiibig sa akin ay tumutupad ng aking salita; iibigin siya ng aking Ama, at kami'y pupunta at mananahan sa kanya.

24Ang hindi tumutupad sa aking mga salita ay hindi umiibig sa akin. Ang salitang narinig ninyo ay hindi sa akin, kundi sa Ama na nagsugo sa akin.

25“Sinabi ko na sa inyo ang mga bagay na ito habang kasama pa ninyo ako.

26Ngunit ang Patnubay, ang Espiritu Santo na isusugo ng Ama sa pangalan ko, ang siyang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpapaalala ng lahat ng sinabi ko sa inyo.

27“Kapayapaan ang iniiwan ko sa inyo. Ang aking kapayapaan ang ibinibigay ko sa inyo; hindi ito katulad ng kapayapaang ibinibigay ng mundo. Huwag mabagabag ang inyong kalooban at huwag kayong matakot.

28Sinabi ko na sa inyo, ‘Ako'y aalis, ngunit ako'y babalik.’ Kung iniibig ninyo ako, ikagagalak ninyo ang pagpunta ko sa Ama, sapagkat higit na dakila ang Ama kaysa sa akin.

29Sinasabi ko na ito sa inyo bago pa mangyari, upang kung mangyari na ay sumampalataya kayo sa akin.

30Hindi na magtatagal ang pakikipag-usap ko sa inyo dahil dumarating na ang pinuno ng sanlibutang ito. Wala siyang kapangyarihan sa akin,

31subalit ginagawa ko ang iniutos sa akin ng Ama upang malaman ng sanlibutang ito na iniibig ko ang Ama. Tayo na! Lumakad na tayo!”

## Juan 15

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang Tunay na Puno ng Ubas

1“Ako ang tunay na puno ng ubas at ang aking Ama ang tagapag-alaga.

2Inaalis niya ang bawat sangang hindi nagbubunga, at kanya namang pinuputulan at nililinis ang bawat sangang nagbubunga upang magbunga pa nang lalong sagana.

3Nalinis na kayo sa pamamagitan ng salitang sinabi ko sa inyo.

4Manatili kayo sa akin at mananatili din ako sa inyo. Hindi magbubunga ang sangang hindi nananatili sa puno. Gayundin naman, hindi kayo magbubunga kung hindi kayo mananatili sa akin.

5“Ako ang puno ng ubas at kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin, at ako sa kanya, ang siyang nagbubunga nang sagana, sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa akin.

6Ang hindi nananatili sa akin, gaya ng sanga ay itinatapon at natutuyo. Ang ganoong mga sanga ay tinitipon, inihahagis sa apoy at nasusunog.

7Kung nananatili kayo sa akin at nananatili sa inyo ang aking mga salita, hingin ninyo ang anumang nais ninyo at matutupad iyon para sa inyo.

8Napaparangalan ang aking Ama kung kayo'y masaganang nagbubunga at sa gayon kayo'y magiging mga alagad ko.

9Kung paanong inibig ako ng Ama, gayundin naman, iniibig ko kayo; manatili kayo sa aking pag-ibig.

10Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, mananatili kayo sa aking pag-ibig, kung paanong tinupad ko ang mga utos ng aking Ama at ako'y nananatili sa kanyang pag-ibig.

11“Sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang mapasainyo ang kagalakan ko at nang sa gayon ay malubos ang inyong kagalakan.

12Ito ang aking utos: magmahalan kayo gaya ng pagmamahal ko sa inyo.

13Ang pinakadakilang pag-ibig na maaaring taglayin ng sinuman para sa kanyang mga kaibigan ay ang ialay ang kanyang buhay para sa kanila.

14Kayo'y mga kaibigan ko kung tinutupad ninyo ang aking mga utos.

15Hindi ko na kayo itinuturing na mga alipin, sapagkat hindi alam ng alipin ang ginagawa ng kanyang panginoon. Sa halip, itinuring ko kayong mga kaibigan, sapagkat sinabi ko sa inyo ang lahat ng narinig ko sa aking Ama.

16Hindi kayo ang pumili sa akin, ako ang pumili sa inyo. Hinirang ko kayo upang kayo'y humayo at magbunga at manatili ang inyong bunga. Sa gayon, ang anumang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan, ay ibibigay sa inyo.

17Ito nga ang utos ko sa inyo: magmahalan kayo.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang Pagkapoot ng Sanlibutan

18“Kung napopoot sa inyo ang sanlibutan, alalahanin ninyong ako muna ang kinapootan nito bago kayo.

19Kung kayo'y taga-sanlibutan, kayo'y mamahalin nito bilang kanya. Ngunit hindi kayo taga-sanlibutan, kundi pinili ko kayo mula rito, kaya napopoot sa inyo ang sanlibutan.

20Alalahanin ninyo ang sinabi kong ito: walang aliping higit kaysa kanyang panginoon. Kung ako'y inusig nila, uusigin din nila kayo. Kung sinunod nila ang aking sinabi, susundin rin nila ang inyong sasabihin.

21Subalit ang lahat ng ito'y gagawin nila sa inyo dahil sa akin, sapagkat hindi nila kilala ang nagsugo sa akin.

22Kung hindi ako naparito at nagsalita sa kanila, hindi sana mapapatunayang nagkasala sila. Ngunit ngayo'y wala na silang maidadahilan sa kanilang kasalanan.

23Ang napopoot sa akin ay napopoot din sa aking Ama.

24Kung hindi ko sana ginawa sa kanilang kalagitnaan ang mga gawaing hindi pa nagawa ninuman, wala sana silang kasalanan. Ngunit nakita na nila ang aking mga gawa subalit sa kabila nito'y kinapootan pa rin nila ako at ang aking Ama.

25Subalit nangyari ito upang matupad ang sinasabi sa kanilang Kautusan, ‘Napoot sila sa akin nang walang dahilan.’

26“Ngunit pagdating ng Patnubay na susuguin ko mula sa Ama, ang Espiritu ng katotohanan na nagmumula sa Ama, siya ay magpapatotoo tungkol sa akin.

27At magpapatotoo rin kayo tungkol sa akin, sapagkat kasama na ninyo ako buhat pa sa simula.

## Juan 16

1“Sinabi ko ito sa inyo upang huwag ninyong talikuran ang inyong pananalig sa akin.

2Ititiwalag kayo sa mga sinagoga. Darating ang panahon na ang sinumang pumatay sa inyo ay mag-aakalang naglilingkod siya sa Diyos.

3At gagawin nila ito sapagkat hindi nila ako kilala, ni ang Ama.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[4]Subalit sinabi ko na ito sa inyo upang kapag dumating na ang oras na gagawin na nila ang mga ito, maaalala ninyo ang sinabi ko sa inyo tungkol sa kanila."

**Ang Gawain ng Espiritu Santo**

"Hindi ko ito sinabi sa inyo noong una sapagkat kasama pa ninyo ako.

[5]Ngunit ngayo'y pupunta na ako sa nagsugo sa akin at wala ni isa man sa inyo ang nagtatanong kung saan ako pupunta.

[6]Ngayon sinabi ko na sa inyo, lubha naman kayong nalungkot.

[7]Subalit sinasabi ko sa inyo ang katotohanan. Ang pag-alis ko'y sa ikabubuti ninyo, sapagkat hindi paparito sa inyo ang Patnubay kung hindi ako aalis. Ngunit pag-alis ko, isusugo ko siya sa inyo.

[8]Pagdating niya ay kanyang patutunayan na mali ang mga taga-sanlibutan tungkol sa kasalanan, tungkol sa katuwiran at tungkol sa paghatol ng Diyos.

[9]Patutunayan niya ang tungkol sa kanilang kasalanan sapagkat hindi sila naniwala sa akin.

[10]Patutunayan niya ang tungkol sa katuwiran sapagkat ako'y pupunta sa Ama at hindi na ninyo makikita;

[11]at ang tungkol sa paghatol ng Diyos, sapagkat hinatulan na ang pinuno ng sanlibutang ito.

[12]"Marami pa akong sasabihin sa inyo subalit hindi pa ninyo kayang tanggapin sa ngayon.

[13]Ngunit pagdating ng Espiritu ng katotohanan, papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan. Sapagkat ang sasabihin niya ay hindi mula sa kanyang sarili, kundi ang kanyang narinig; at ipahahayag niya sa inyo ang mga mangyayari sa hinaharap.

[14]Pararangalan niya ako sapagkat tatanggapin ng Espiritu mula sa akin ang ipahahayag niya sa inyo.

[15]Ang lahat ng sa Ama ay sa akin, kaya ko sinabing tatanggapin ng Espiritu ang mula sa akin at ipahahayag niya ito sa inyo."

**Kalungkutang Magiging Kagalakan**

[16]"Kaunting panahon na lamang at hindi na ninyo ako makikita, at pagkaraan ng kaunti pang panahon, ako'y inyong makikitang muli."

[17]Nag-usap-usap ang ilan sa kanyang mga alagad, "Ano kaya ang ibig niyang sabihin na kaunting panahon na lamang at hindi na natin siya makikita, at pagkaraan ng kaunti pang panahon ay makikita natin siyang muli? Sinabi pa niya, 'Sapagkat ako'y pupunta sa Ama.'

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Ano kaya ang kahulugan ng, 'kaunting panahon na lamang'? Hindi natin maunawaan ang kanyang sinasabi!"

19Alam ni Jesus na ibig nilang magtanong, kaya't sinabi niya, "Nagtatanungan kayo tungkol sa sinabi kong 'kaunting panahon na lamang at hindi na ninyo ako makikita, at pagkaraan ng kaunti pang panahon, ako'y makikita ninyong muli.'

20Pakatandaan ninyo: iiyak kayo at tatangis, ngunit magagalak ang sanlibutan. Labis kayong malulungkot, subalit ang inyong kalungkutan ay mapapalitan ng kagalakan.

21"Kapag manganganak na ang isang babae, siya'y nalulungkot sapagkat dumating na ang oras ng kanyang paghihirap. Ngunit pagkapanganak niya, nakakalimutan na niya ang kanyang paghihirap; sapagkat nagagalak siya dahil sa pagsilang ng isang sanggol sa sanlibutan.

22"Gayundin naman, nalulungkot kayo ngayon, ngunit muli ko kayong makikita, at mag-uumapaw sa inyong puso ang kagalakang hindi maaagaw ninuman.

23Sa araw na iyon, hindi na ninyo kailangang humingi sa akin. Pakatandaan ninyo: anumang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan ay ibibigay niya sa inyo.

24Hanggang ngayo'y wala pa kayong hinihingi sa kanya sa aking pangalan. Humingi kayo, at kayo'y tatanggap upang malubos ang inyong kagalakan."

**Pagtatagumpay sa Pangalan ni Jesus**

25"Ang mga ito'y sinabi ko sa inyo nang patalinghaga. Subalit darating ang panahong hindi na ako magsasalita sa inyo sa ganitong paraan; tuwiran ko nang sasabihin sa inyo ang tungkol sa Ama.

26Sa araw na iyon ay hihingi kayo sa kanya sa aking pangalan, at hindi ko sinasabing ako mismo ang hihiling sa Ama para sa inyo.

27Mahal kayo ng Ama sapagkat ako'y minahal ninyo at naniwala kayo na ako'y nagmula sa Diyos.

28Ako nga'y nanggaling sa Ama at naparito sa sanlibutan; ngayo'y aalis na ako sa sanlibutan at babalik na sa Ama."

29Sinabi ng kanyang mga alagad, "Ngayon po'y tuwiran na ang inyong pangungusap sa amin at hindi na patalinghaga!

30Ngayon alam na po naming alam ninyo ang lahat ng bagay, at hindi na kailangang tanungin pa kayo ninuman. Dahil dito, naniniwala po kami na kayo'y mula sa Diyos."

31Sumagot si Jesus, "Talaga bang naniniwala na kayo?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

32Darating ang oras, at ngayon na nga, na magkakawatak-watak kayo. Magkakanya-kanya kayo ng lakad, at iiwan ninyo ako. Gayunma'y hindi ako nag-iisa sapagkat kasama ko ang Ama.

33Sinabi ko ito sa inyo upang sa inyong pakikipag-isa sa akin ay magkaroon kayo ng kapayapaan. Magdaranas kayo ng kapighatian sa sanlibutang ito, ngunit tibayan ninyo ang inyong loob! Napagtagumpayan ko na ang sanlibutan!”

## Juan 17

### Idinalangin ni Jesus ang Kanyang mga Alagad

1Pagkasabi ni Jesus ng mga ito, tumingala siya sa langit at kanyang sinabi, “Ama, dumating na ang oras; luwalhatiin mo ang iyong Anak upang luwalhatiin ka niya.

2Sapagkat binigyan mo siya ng kapangyarihan sa lahat ng tao upang bigyan niya ng buhay na walang hanggan ang lahat ng ibinigay mo sa kanya.

3At ito ang buhay na walang hanggan: ang makilala ka nila na iisang tunay na Diyos, at si Jesu-Cristo na iyong isinugo.

4Inihayag ko dito sa lupa ang iyong kaluwalhatian; natapos ko na ang ipinapagawa mo sa akin.

5Kaya, Ama, ipagkaloob mo sa akin ngayon sa iyong harapan ang kaluwalhatiang taglay ko sa piling mo bago pa likhain ang sanlibutan.

6“Ipinahayag ko na kung sino ka sa mga taong ibinigay mo sa akin mula sa sanlibutan. Sila'y iyo at ibinigay mo sila sa akin, at tinupad nila ang iyong salita.

7Alam na nila na ang lahat ng ibinigay mo sa akin ay mula sa iyo;

8dahil ibinigay ko sa kanila ang mga salitang ibinigay mo sa akin, at tinanggap nila. Natitiyak nilang ako'y tunay na galing sa iyo, at naniniwala silang ikaw nga ang nagsugo sa akin.

9“Idinadalangin ko sila; hindi ang sanlibutang ito ang idinadalangin ko, kundi ang lahat ng ibinigay mo sa akin, sapagkat sila'y sa iyo.

10Ang lahat ng sa akin ay sa iyo, at ang lahat ng sa iyo ay sa akin; at naluluwalhati ako sa pamamagitan nila.

11At ngayon, ako'y papunta na sa iyo; iniiwan ko na ang sanlibutang ito, ngunit sila ay nasa sanlibutan pa. Amang banal, ingatan mo po sila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng iyong pangalan, ang pangalang ibinigay

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

mo sa akin, upang kung paanong ikaw at ako ay iisa, gayundin naman sila'y maging isa.

12Habang kasama nila ako, iningatan ko sila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng iyong pangalan, ang pangalang ibinigay mo sa akin. Pinangalagaan ko sila at walang napahamak sa kanila, maliban sa taong tiyak na mapapahamak, upang matupad ang kasulatan.

13Ngunit ngayon, ako'y papunta na sa iyo, at sinasabi ko ito habang ako'y nasa sanlibutan pa upang mapuspos sila ng aking kagalakan.

14Naibigay ko na sa kanila ang iyong salita, at kinapootan sila ng sanlibutan, sapagkat hindi na sila taga-sanlibutan, tulad ko na hindi taga-sanlibutan.

15Hindi ko idinadalanging kunin mo sila sa sanlibutan, kundi iligtas mo sila sa Masama!

16Hindi sila taga-sanlibutan, tulad ko na hindi rin taga-sanlibutan.

17Ibukod mo sila para sa iyo sa pamamagitan ng katotohanan; ang salita mo ang katotohanan.

18Kung paanong isinugo mo ako sa sanlibutan, gayundin naman, isinusugo ko sila sa sanlibutan.

19At alang-alang sa kanila'y itinalaga ko ang aking sarili para sa iyo, upang maitalaga rin sila sa katotohanan.

20“Hindi lamang sila ang idinadalangin ko, kundi pati ang mga mananalig sa akin dahil sa kanilang pahayag.

21Ama, maging isa nawa silang lahat. Kung paanong ikaw ay nasa akin at ako'y nasa iyo, gayundin naman, maging isa nawa sila sa atin upang ang sanlibutan ay maniwala na ikaw ang nagsugo sa akin.

22Ibinigay ko na sa kanila ang kaluwalhatiang ibinigay mo sa akin upang sila'y ganap na maging isa, tulad mo at ako na iisa:

23ako'y nasa kanila at ikaw ay nasa akin, upang lubusan silang maging isa. Dahil dito, malalaman ng sanlibutan na isinugo mo ako at sila'y minamahal mo, katulad ng pagmamahal mo sa akin.

24“Ama, sila na ibinigay mo sa akin ay nais kong makasama sa kinaroroonan ko upang mapagmasdan nila ang kaluwalhatiang ibinigay mo sa akin, sapagkat minahal mo na ako bago pa nilikha ang daigdig.

25Makatarungang Ama, hindi ka kilala ng sanlibutan, ngunit kilala kita, at alam rin ng mga ibinigay mo sa akin na ikaw ang nagsugo sa akin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Ipinahayag ko na sa kanila kung sino ka, at patuloy ko itong ipapahayag, upang ang pagmamahal mo sa akin ay manatili sa kanila, at ako ay manatili rin sa kanila.”

## Juan 18

### Ang Pagdakip kay Jesus

(Mt. 26:47-56; Mc. 14:43-50; Lu. 22:47-53)

1Pagkatapos ng panalanging ito, umalis si Jesus kasama ang kanyang mga alagad. Pumunta sila sa ibayo ng batis ng Kidron at pumasok sa isang halamanan doon.

2Alam ng taksil na si Judas ang lugar na iyon sapagkat doon madalas magpunta si Jesus at ang kanyang mga alagad.

3Isinama roon ni Judas ang ilang mga bantay sa Templo at isang pangkat ng mga kawal Romano na padala ng mga punong pari at mga Pariseo. May dala silang mga lampara, mga sulo at mga sandata.

4Alam ni Jesus ang lahat ng mangyayari sa kanya kaya't sila ay sinalubong niya at tinanong, “Sino ang hinahanap ninyo?”

5“Si Jesus na taga-Nazaret,” sagot nila. At sinabi niya, “Ako iyon.” Si Judas na nagkanulo sa kanya ay kaharap nila noon.

6Nang sabihin ni Jesus na “Ako iyon,” napaurong sila at bumagsak sa lupa.

7Muli niyang itinanong, “Sino ba ang hinahanap ninyo?” “Si Jesus na taga-Nazaret,” sagot nila.

8Sumagot si Jesus, “Sinabi ko na sa inyong ako iyon. Kung ako ang hinahanap ninyo, hayaan ninyong umalis ang mga taong ito.”

9Sa gayon, natupad ang kanyang sinabi, “Ama, walang napahamak kahit isa sa mga ibinigay mo sa akin.”

10Binunot ni Simon Pedro ang kanyang tabak at tinaga ang alipin ng Pinakapunong Pari, at natagpas ang kanang tainga nito. Ang pangalan ng alipin ay Malco.

11Sinabi ni Jesus kay Pedro, “Ibalik mo sa lalagyan ang iyong tabak! Sa palagay mo ba'y hindi ko iinuman ang kopa ng pagdurusa na ibinigay sa akin ng Ama?”

12Dinakip nga si Jesus at iginapos ng mga bantay na Judio at ng mga kawal na Romano na pinamumunuan ng isang kapitan.

### Si Jesus sa Harapan ni Anas

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Siya'y dinala muna kay Anas na biyenan ni Caifas, ang pinakapunong pari nang taong iyon.

14Si Caifas ang nagpayo sa mga pinuno ng mga Judio na makabubuti para sa kanila na isang tao lamang ang mamatay para sa bayan.

### Ikinaila ni Pedro si Jesus

(Mt. 26:69-70; Mc. 14:66-68; Lu. 22:55-57)

15Sumunod kay Jesus si Simon Pedro at ang isa pang alagad. Ang alagad na ito ay kilala ng pinakapunong pari kaya't nakapasok siyang kasama ni Jesus hanggang sa patyo ng bahay ng pinakapunong pari.

16Naiwan naman si Pedro sa labas ng pintuan, kaya lumabas ang alagad na kilala ng pinakapunong pari, kinausap ang utusang babae na nagbabantay sa pinto at pinapasok si Pedro.

17Si Pedro'y tinanong ng babae, “Hindi ba't isa ka sa mga alagad ng taong iyan?” “Hindi,” sagot ni Pedro.

18Maginaw noon, kaya't nagsiga ng uling ang mga utusan at ang mga bantay, at nag-umpukan sila sa paligid ng apoy upang magpainit. Nakihalo sa kanila si Pedro, tumayo roon at nagpainit din.

### Tinanong si Jesus sa Harapan ng Pinakapunong Pari

(Mt. 26:59-66; Mc. 14:55-64; Lu. 22:66-71)

19Tinanong si Jesus ng Pinakapunong Pari tungkol sa kanyang mga alagad at sa kanyang itinuturo.

20Sumagot si Jesus, “Hayagan akong nagsasalita sa madla, at lagi akong nagtuturo sa mga sinagoga at sa Templo na pinagtitipunan ng mga Judio. Wala akong sinabi nang palihim.

21Bakit ako ang tinatanong ninyo? Ang tanungin ninyo'y ang mga nakarinig sa akin; alam nila kung ano ang sinabi ko.”

22Pagkasabi nito'y sinampal siya ng isa sa mga bantay na naroroon. “Ganyan ba ang pagsagot sa pinakapunong pari?” tanong niya.

23Sumagot si Jesus, “Kung may sinabi akong masama, patunayan mo! Ngunit kung tama ang sinabi ko, bakit mo ako sinampal?”

24Matapos ito, si Jesus na nakagapos pa noon ay ipinadala ni Anas kay Caifas, ang pinakapunong pari.

### Muling Ikinaila ni Pedro si Jesus

(Mt. 26:71-75; Mc. 14:69-72; Lu. 22:58-62)

25Habang nagaganap ito, si Simon Pedro ay nakatayo at nagpapainit pa rin sa tabi ng apoy. Siya'y tinanong ng mga naroon, “Hindi ba't alagad ka rin ng taong iyan?” Ipinagkaila ito ni Pedro. “Hindi!” sagot niya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Tinanong naman siya ng isa sa mga utusan ng pinakapunong pari at kamag-anak ng lalaking natagpasan niya ng tainga, "Hindi ba nakita kitang kasama ni Jesus sa halamanan?"

27Muling ikinaila ito ni Pedro, at agad na tumilaok ang manok.

### Dinala si Jesus kay Pilato

(Mt. 27:1-2, 11-14; Mc. 15:1-5; Lu. 23:1-5)

28Maaga pa nang dalhin si Jesus sa palasyo ng gobernador mula sa bahay ni Caifas. Hindi pumasok ang mga pinuno ng mga Judio sa palasyo upang sila'y huwag maituring na di karapat-dapat kumain ng hapunang pampaskwa.

29Kaya't si Pilato ay lumabas sa palasyo at tinanong sila, "Ano ang paratang ninyo laban sa taong ito?"

30Sila'y sumagot, "Hindi po namin siya dadalhin sa inyo kung hindi siya gumawa ng masama."

31Sinabi sa kanila ni Pilato, "Kayo na ang bahala sa kanya at hatulan ninyo siya ayon sa inyong batas." Subalit sumagot ang mga Judio, "Hindi ipinapahintulot sa aming humatol ng kamatayan kaninuman."

32Sa gayon, natupad ang sinabi ni Jesus nang ipahiwatig niya kung sa anong paraan siya mamamatay.

33Si Pilato ay pumasok uli sa palasyo at ipinatawag si Jesus. "Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?" tanong niya.

34Sumagot si Jesus, "Galing ba sa sarili mo ang tanong na iyan, o may ibang nagsabi sa iyo tungkol sa akin?"

35Tugon ni Pilato, "Sa tingin mo ba'y Judio ako? Ang mga kababayan mo at ang mga punong pari ang nagdala sa iyo rito. Ano ba ang ginawa mo?"

36Sumagot si Jesus, "Ang kaharian ko'y hindi sa sanlibutang ito. Kung sa sanlibutang ito ang aking kaharian, ipinaglaban sana ako ng aking mga tauhan upang hindi maipagkanulo sa mga Judio. Ngunit hindi mula sa sanlibutang ito ang aking kaharian!"

37"Kung ganoon, isa ka ngang hari?" sabi ni Pilato. Sumagot si Jesus, "Ikaw na ang nagsasabing ako'y hari. Ito ang dahilan kung bakit ako ipinanganak at naparito sa sanlibutan, upang magpatotoo tungkol sa katotohanan. Nakikinig sa aking tinig ang sinumang nasa katotohanan."

38"Ano ba ang katotohanan?" tanong ni Pilato.

### Hinatulang Mamatay si Jesus

(Mt. 27:15-31; Mc. 15:6-20; Lu. 23:13-25)

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Pagkasabi nito, muling lumabas si Pilato at sinabi sa mga Judio, "Wala akong nakikitang dahilan upang hatulan siya.

39Ngunit ayon sa inyong kaugalian, dapat akong magpalaya ng isang bilanggo sa Pista ng Paskwa. Ibig ba ninyong palayain ko ang Hari ng mga Judio?"

40"Hindi!" sigaw nila. "Hindi siya, kundi si Barabbas!" Si Barabbas ay isang tulisan.

## Juan 19

1Kaya't ipinakuha ni Pilato si Jesus at ipinahagupit.

2Ang mga kawal ay kumuha ng halamang matinik, ginawa itong korona at ipinutong kay Jesus. Siya rin ay sinuotan nila ng balabal na kulay ube.

3Lumapit sila sa kanya at sinabi, "Mabuhay ang Hari ng mga Judio!" At kanilang pinagsasampal si Jesus.

4Lumabas muli si Pilato at sinabi sa mga tao, "Ihaharap ko siya sa inyo upang malaman ninyo na wala akong nakikitang dahilan upang hatulan siya!"

5At lumabas si Jesus na may koronang tinik at balabal na kulay ube. Sinabi sa kanila ni Pilato, "Pagmasdan ninyo ang taong ito!"

6Pagkakita sa kanya ng mga punong pari at ng mga bantay, sila'y nagsigawan, "Ipako siya sa krus! Ipako sa krus!" Sinabi ni Pilato, "Kayo ang bahala sa kanya at magpako sa kanya sa krus, dahil wala akong nakikitang dahilan upang hatulan siya."

7Sumagot ang mga Judio, "Mayroon kaming batas at ayon dito ay nararapat siyang mamatay, sapagkat sinasabi niyang siya'y Anak ng Diyos."

8Nang marinig ni Pilato ang sinabi nila, lalo siyang natakot.

9Muli siyang pumasok sa palasyo at tinanong si Jesus, "Tagasaan ka ba?" Subalit hindi tumugon si Jesus.

10Muling nagtanong si Pilato, "Ayaw mong magsalita sa akin? Hindi mo ba alam na may kapangyarihan akong palayain ka o ipapako sa krus?"

11Sumagot si Jesus, "Hindi ka magkakaroon ng kapangyarihan sa akin kung hindi iyan ibinigay sa iyo mula sa langit, kaya't mas mabigat ang kasalanan ng nagdala sa akin dito sa harapan mo."

12Nang marinig ito ni Pilato, naghanap siya ng paraan upang palayain si Jesus. Ngunit nagsigawan ang mga Judio, "Kapag pinalaya mo ang taong

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

iyan, hindi ka kaibigan ng Emperador! Ang sinumang nagsasabing siya'y hari ay kalaban ng Emperador.”

13Pagkarinig ni Pilato sa mga salitang ito, inilabas niya si Jesus at siya'y umupo sa upuan ng hukom na nasa dakong tinatawag na “Plataporma,” Gabatha sa wikang Hebreo.

14Araw noon ng Paghahanda sa Paskwa, at mag-aalas-dose na ng tanghali. Sinabi ni Pilato sa mga Judio, “Narito ang inyong hari!”

15Sumigaw sila, “Patayin siya! Patayin! Ipako sa krus!” “Ipapako ko ba sa krus ang inyong hari?” tanong naman ni Pilato. Sumagot ang mga punong pari, “Wala kaming hari kundi ang Emperador!”

16Kaya't ibinigay sa kanila ni Pilato si Jesus upang siya'y ipako sa krus.

### Ipinako si Jesus sa Krus

(Mt. 27:32-44; Mc. 15:21-32; Lu. 23:26-43)

Kinuha nga nila si Jesus.

17Inilabas siyang pasan ang kanyang krus papunta sa lugar na kung tawagi'y “Dako ng Bungo,” Golgotha sa wikang Hebreo.

18Doon ay ipinako siya sa krus, kasama ng dalawa pa; isa sa gawing kanan at isa sa kaliwa.

19Gumawa si Pilato ng isang karatula at inilagay sa krus; ganito ang nakasulat: “Si Jesus na taga-Nazaret, ang Hari ng mga Judio.”

20Nakasulat ito sa mga wikang Hebreo, Latin, at Griego. Marami sa mga Judio ang nakabasa nito sapagkat malapit lamang sa lungsod ang dakong pinagpakuan kay Jesus.

21Kaya't sinabi ng mga punong pari kay Pilato, “Huwag ninyong isulat ang, ‘Ang Hari ng mga Judio’, kundi, ‘Sinabi ng taong ito, Ako ang Hari ng mga Judio.’”

22Ngunit sumagot si Pilato, “Ang naisulat ko'y naisulat ko na.”

23Nang si Jesus ay maipako na ng mga kawal, kinuha nila ang kanyang kasuotan at pinaghati-hati sa apat na bahagi, isa sa bawat kawal. Kinuha rin nila ang kanyang mahabang panloob na kasuotan; ito'y walang tahi at hinabi nang buo mula sa itaas hanggang sa ibaba.

24Kaya't nag-usap-usap ang mga kawal, “Huwag nating punitin ito; magpalabunutan tayo para malaman kung kanino ito mapupunta.” Sa gayon, natupad ang isinasaad ng Kasulatan, “Pinaghati-hatian nila ang aking kasuotan; at para sa aking damit sila'y nagpalabunutan.” Ganoon nga ang ginawa ng mga kawal.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Nakatayo sa tabi ng krus ni Jesus ang kanyang ina at ang kapatid nitong babae, si Maria na asawa ni Cleopas, at si Maria Magdalena.

26Nang makita ni Jesus ang kanyang ina at ang minamahal niyang alagad na nasa tabi nito, sinabi niya, "Ginang, narito ang iyong anak!"

27At sinabi niya sa alagad, "Narito ang iyong ina!" Mula noon, pinatira ng alagad na ito sa kanyang bahay ang ina ni Jesus.

### Ang Pagkamatay ni Jesus

(Mt. 27:45-56; Mc. 15:33-41; Lu. 23:44-49)

28Alam ni Jesus na naganap na ang lahat ng bagay. Kaya't upang matupad ang kasulatan ay sinabi niya, "Nauuhaw ako!"

29May isang mangkok doon na puno ng maasim na alak. Inilubog nila rito ang isang espongha, ikinabit iyon sa isang tangkay ng hisopo at inilapit sa kanyang bibig.

30Pagkatanggap ni Jesus ng alak, sinabi niya, "Naganap na!" Iniyuko niya ang kanyang ulo at nalagot ang kanyang hininga.

### Sinaksak ng Sibat ang Tagiliran ni Jesus

31Noo'y Araw ng Paghahanda, at ayaw ng mga Judio na manatili sa krus ang mga bangkay hanggang sa Araw ng Pamamahinga, dahil natatangi ang Araw na iyon ng Pamamahinga. Kaya't hiniling nila kay Pilato na ipabali ang mga binti ng mga ipinako sa krus at alisin ang mga bangkay.

32Pumunta nga roon ang mga kawal at binali ang mga binti ng dalawang ipinakong kasama ni Jesus.

33Ngunit pagdating nila kay Jesus at makitang patay na siya, hindi na nila binali ang kanyang mga binti.

34Subalit sinaksak ng isang kawal ang tagiliran ni Jesus sa pamamagitan ng sibat at agad lumabas doon ang dugo at tubig.

35Ang nakakita nito ang nagpatotoo upang kayo rin ay maniwala. Totoo ang kanyang pahayag at alam niyang katotohanan ang sinasabi niya.

36Nangyari ang lahat ng ito upang matupad ang sinasabi sa kasulatan, "Walang mababali isa man sa kanyang mga buto."

37At may bahagi pa rin ng kasulatan na nagsasabi, "Pagmamasdan nila ang kanilang sinaksak ng sibat."

### Ang Paglilibing kay Jesus

(Mt. 27:57-61; Mc. 15:42-47; Lu. 23:50-56)

38Pagkatapos nito, si Jose na taga-Arimatea ay nagsadya kay Pilato upang humingi ng pahintulot na makuha ang bangkay ni Jesus. (Dati ay inililihim ni Jose na siya'y isang alagad ni Jesus dahil sa takot niya sa mga pinuno ng

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

mga Judio.) Pinahintulutan naman siya ni Pilato, kaya't kinuha niya ang bangkay ni Jesus.

39Kasama rin niya si Nicodemo na noong una ay sa gabi nagsadya kay Jesus. May dala itong pabango, mga tatlumpung kilong pinaghalong mira at aloe.

40Kinuha nila ang bangkay ni Jesus at nilagyan ng pabango at binalot sa telang lino, ayon sa kaugalian ng mga Judio.

41Malapit sa pinagpakuan kay Jesus ay may isang halamanan, at dito'y may isang bagong libingang hindi pa napaglilibingan.

42Dahil noon ay bisperas ng Araw ng Pamamahinga, at dahil malapit ang libingang ito, doon nila inilibing si Jesus.

## Juan 20

### Ang Muling Pagkabuhay ni Jesus

(Mt. 28:1-8; Mc. 16:1-8; Lu. 24:1-12)

1Madilim-dilim pa nang unang araw ng sanlinggo, pumunta si Maria Magdalena sa libingan. Naratnan niyang naalis na ang batong nakatakip sa libingan.

2Dahil dito, patakbo siyang pumunta kay Simon Pedro at sa alagad na mahal ni Jesus, at sinabi sa kanila, “Kinuha nila ang Panginoon mula sa libingan, at hindi namin alam kung saan siya inilagay!”

3Sina Pedro at ang nasabing alagad ay nagpunta sa libingan.

4Kapwa sila tumakbo ngunit si Pedro'y naunahan noong isa.

5Yumuko ito at sumilip sa loob ng libingan ngunit hindi pumasok. Nakita niyang nakalagay doon ang mga telang lino.

6Nang dumating si Simon Pedro, tuluy-tuloy itong pumasok sa libingan at nakita nito ang mga telang lino,

7at ang panyong ibinalot sa ulo ni Jesus. Ang panyo ay hindi kasama ng mga telang lino, kundi hiwalay na nakatiklop sa isang tabi.

8Pumasok din ang alagad na naunang dumating at nakita niya ito, at siya'y naniwala.

9Hindi pa nila nauunawaan noon na si Jesus ay kailangang muling mabuhay ayon sa kasulatan.

10At umuwi ang mga alagad sa kanilang mga tahanan.

### Nagpakita si Jesus kay Maria Magdalena

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

(Mt. 28:9-10; Mc. 16:9-11)

11Si Maria ay nakatayong umiiyak sa labas ng libingan. Habang umiiyak ay yumuko siya at sumilip sa loob.

12May nakita siyang dalawang anghel na nakadamit ng puti at nakaupo sa pinaglagyan ng bangkay ni Jesus, ang isa'y sa gawing ulunan at ang isa nama'y sa paanan.

13Tinanong nila si Maria, “Babae, bakit ka umiiyak?” Sumagot siya, “Kinuha nila ang aking Panginoon at hindi ko alam kung saan siya inilagay.”

14Pagkasabi nito'y napalingon siya at nakita niya si Jesus na nakatayo roon, ngunit hindi niya nakilalang si Jesus iyon.

15Tinanong siya ni Jesus, “Babae, bakit ka umiiyak? Sino ang hinahanap mo?” Akala ni Maria, ang kausap niya'y ang hardinero kaya't sinabi niya, “Ginoo, kung kayo po ang kumuha sa kanya, pakituro nga po ninyo sa akin kung saan ninyo siya inilagay at kukunin ko.”

16“Maria!” sabi ni Jesus. Humarap siya at kanyang sinabi sa wikang Hebreo, “Raboni!” na ang ibig sabihi'y “Guro.”

17Sabi ni Jesus, “Huwag mo akong hawakan sapagkat hindi pa ako nakakapunta sa Ama. Sa halip, pumunta ka sa aking mga kapatid at sabihin mo sa kanila na aakyat ako sa aking Ama at inyong Ama, sa aking Diyos at inyong Diyos.”

18Kaya't si Maria Magdalena ay pumunta sa mga alagad at ibinalita sa kanila, “Nakita ko ang Panginoon!” At sinabi rin niya sa kanila ang mga sinabi sa kanya ni Jesus.

### Nagpakita si Jesus sa Kanyang mga Alagad

(Mt. 28:16-20; Mc. 16:14-18; Lu. 24:36-49)

19Kinagabihan ng araw ding iyon na unang araw ng linggo, habang nakasara ang mga pinto ng bahay na kinaroroonan ng mga alagad dahil sa takot nila sa mga Judio, dumating si Jesus. Tumayo siya sa kalagitnaan nila at sinabi, “Sumainyo ang kapayapaan!”

20Pagkasabi nito, ipinakita niya ang kanyang mga kamay at ang kanyang tagiliran. Tuwang-tuwa ang mga alagad nang makita nila ang Panginoon.

21Muling sinabi ni Jesus, “Sumainyo ang kapayapaan! Kung paanong isinugo ako ng Ama, isinusugo ko rin kayo.”

22Pagkatapos, sila'y hiningahan niya at sinabi, “Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo.

23Kung patatawarin ninyo ang mga kasalanan ninuman ay pinatawad na ang mga iyon, subalit ang hindi ninyo patatawarin ay hindi nga pinatawad.”

### Ang Pag-aalinlangan ni Tomas

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Ngunit si Tomas, na tinatawag na Kambal at kabilang sa Labindalawa, ay wala roon nang dumating si Jesus.

25Kaya't sinabi sa kanya ng ibang mga alagad, "Nakita namin ang Panginoon!" Sumagot si Tomas, "Hindi ako maniniwala hangga't hindi ko nakikita ang mga butas ng mga pako sa kanyang mga kamay, at hangga't hindi ko nailalagay ang aking daliri sa mga iyon at nahahawakan ang kanyang tagiliran."

26Makalipas ang isang linggo, muling nagkatipon sa loob ng bahay ang mga alagad at kasama nila si Tomas. Nakasara ang mga pinto, ngunit pumasok si Jesus at tumayo sa kalagitnaan nila. Sinabi niya, "Sumainyo ang kapayapaan!"

27At sinabi niya kay Tomas, "Ilagay mo ang iyong daliri dito at tingnan mo ang aking mga kamay. Ilagay mo ang iyong kamay sa aking tagiliran. Huwag ka nang mag-alinlangan pa, sa halip ay maniwala ka."

28Sumagot si Tomas, "Panginoon ko at Diyos ko!"

29Sinabi sa kanya ni Jesus, "Naniniwala ka na ba dahil nakita mo ako? Pinagpala silang hindi nakakita gayunma'y naniniwala."

### Ang Layunin ng Aklat na Ito

30Marami pang mga himalang ginawa si Jesus na nasaksihan ng mga alagad na hindi nakasulat sa aklat na ito.

31Ngunit ang mga nakasulat dito ay isinulat upang kayo'y sumampalataya na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos, at sa pagsampalatayang iyon ay magkaroon kayo ng buhay sa pamamagitan niya.

## Juan 21

### Ang Ikatlong Pagpapakita ni Jesus

1Pagkatapos nito, muling nagpakita si Jesus sa mga alagad sa tabi ng Lawa ng Tiberias. Ganito ang nangyari:

2magkakasama sina Simon Pedro, Tomas na tinatawag na Kambal, Nathanael na taga-Cana sa Galilea, ang mga anak ni Zebedeo, at dalawa pang alagad.

3Sinabi sa kanila ni Simon Pedro, "Mangingisda ako." "Sasama kami," sabi nila. Umalis nga sila at sumakay sa isang bangka. Magdamag silang nangisda, subalit wala silang nahuli.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Nang mag-uumaga na, tumayo si Jesus sa pampang ngunit siya'y hindi nila nakilala.

5Sinabi niya, “Mga anak, mayroon ba kayong huli?” “Wala po,” sagot nila.

6“Ihulog ninyo ang lambat sa gawing kanan ng bangka at makakahuli kayo,” sabi ni Jesus. Inihulog nga nila ang lambat at nang hilahin nila ito ay hindi nila makaya sa dami ng huli.

7Sinabi kay Pedro ng alagad na minamahal ni Jesus, “Ang Panginoon iyon!” Nang marinig ni Simon Pedro na ang Panginoon iyon, nagsuot siya ng damit dahil nakahubad siya noon at saka lumusong sa tubig.

8Dumating sa pampang ang kasama niyang mga alagad, sakay ng bangka at hila-hila ang lambat na puno ng isda. Hindi sila gaanong malayo sa pampang, mga siyamnapung metro lamang.

9Pagkaahon nila sa pampang, nakakita sila roon ng isdang iniihaw sa nagbabagang uling, at ilang tinapay.

10“Magdala kayo rito ng ilang isdang nahuli ninyo,” sabi ni Jesus.

11Kaya't sumampa sa bangka si Simon Pedro at hinila sa pampang ang lambat na puno ng malalaking isda; isandaan at limampu't tatlo lahat ang nahuli nila. Hindi nasira ang lambat, kahit ganoon karami ang mga isda.

12“Halikayo at mag-agahan kayo,” sabi ni Jesus. Isa man sa mga alagad ay hindi nangahas magtanong sa kanya kung sino siya sapagkat alam nila na siya ang Panginoon.

13Lumapit si Jesus, kinuha ang tinapay at ibinigay sa kanila. Ganoon din ang kanyang ginawa sa isda.

14Ito ang ikatlong pagpapakita ni Jesus sa mga alagad pagkatapos na siya'y muling mabuhay.

### Pakainin Mo ang Aking mga Tupa

15Pagkakain nila, tinanong ni Jesus si Simon Pedro, “Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba ako nang higit sa mga ito?” “Opo, Panginoon, alam ninyong mahal ko kayo,” tugon niya. Sinabi sa kanya ni Jesus, “Kung gayon pakainin mo ang aking mga batang tupa.”

16Muli siyang tinanong ni Jesus, “Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba ako?” Sumagot si Pedro, “Opo, Panginoon, alam ninyong mahal ko kayo.” Sabi ni Jesus, “Alagaan mo ang aking mga tupa.”

17Pangatlong ulit na tinanong siya ni Jesus, “Simon, anak ni Juan, mahal mo ba ako?” Nalungkot si Pedro sapagkat tatlong beses siyang tinanong ng, “Mahal mo ba ako?” At sumagot siya, “Panginoon, alam po ninyo ang lahat

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ng bagay; alam ninyong mahal ko kayo." Sinabi sa kanya ni Jesus, "Pakainin mo ang aking mga tupa.

18Pakatandaan mo: noong bata ka pa, ikaw ang nagbibihis sa iyong sarili at pumupunta ka kung saan mo gusto. Ngunit pagtanda mo, iuunat mo ang iyong mga kamay at iba ang magbibihis sa iyo at dadalhin ka kung saan hindi mo gusto."

19Sinabi niya ito upang ipahiwatig kung paano mamamatay si Pedro at kung paano niya luluwalhatiin ang Diyos. Pagkatapos, sinabi sa kanya ni Jesus, "Sumunod ka sa akin!"

**Ang Alagad na Minamahal ni Jesus**

20Lumingon si Pedro at nakita niyang sumusunod ang alagad na minamahal ni Jesus, ang siyang humilig sa dibdib ni Jesus nang sila'y naghahapunan at nagtanong, "Panginoon, sino po ang magkakanulo sa inyo?"

21Nang makita siya ni Pedro ay tinanong nito si Jesus, "Panginoon, paano po naman ang taong ito?"

22Sumagot si Jesus, "Kung nais kong mabuhay siya hanggang sa pagbabalik ko, ano sa iyo? Sumunod ka sa akin!"

23Kumalat sa mga kapatid sa pananampalataya ang balitang hindi mamamatay ang alagad na ito. Ngunit hindi naman sinabi ni Jesus na hindi siya mamamatay, kundi, "Kung nais kong mabuhay siya hanggang sa pagbabalik ko, [ano sa iyo]?"

24Siya ang alagad na nagpapatotoo tungkol sa mga bagay na ito; siya rin ang sumulat ng mga ito at alam naming totoo ang kanyang pahayag.

**Pagwawakas**

25At marami pang ginawa si Jesus na kung isusulat lahat, sa palagay ko'y hindi magkakasya kahit sa buong daigdig ang mga aklat na maisusulat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Gawa

## Mga Gawa 1

1Mahal kong Teofilo, Sa aking unang aklat ay isinalaysay ko ang lahat ng ginawa at itinuro ni Jesus buhat sa pasimula

2hanggang sa araw na siya'y umakyat sa langit. Bago siya umakyat, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo ay nag-iwan siya ng mga bilin sa kanyang mga apostol na kanyang hinirang.

3Sa loob ng apatnapung araw pagkatapos ng kanyang pagkamatay, nagpakita siya sa kanila at sa pamamagitan ng maraming katibayan ay pinatunayan niyang siya'y buháy. Nagturo siya sa kanila tungkol sa paghahari ng Diyos.

4Samantalang siya'y kasama pa nila, pinagbilinan sila ni Jesus, "Huwag muna kayong aalis sa Jerusalem. Sa halip, hintayin ninyo roon ang ipinangako ng Ama na sinabi ko na sa inyo.

5Si Juan ay nagbautismo sa tubig, ngunit di magtatagal at babautismuhan kayo sa Espiritu Santo."

### Ang Pag-akyat ni Jesus sa Langit

6Nang magkatipon si Jesus at ang mga alagad, nagtanong sila kay Jesus, "Panginoon, itatatag na po ba ninyong muli ang kaharian ng Israel?"

7Sumagot si Jesus, "Ang mga panahon at pagkakataon ay itinakda ng Ama sa kanyang sariling kapangyarihan, at hindi na kailangan pang malaman ninyo kung kailan iyon.

8Subalit tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at sa Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig."

9Pagkasabi nito, si Jesus ay iniakyat sa langit habang ang mga alagad ay nakatingin sa kanya, at natakpan siya ng ulap.

10Habang sila'y nakatitig sa langit at siya'y iniaakyat, may dalawang lalaking nakaputi na lumitaw sa tabi nila.

11Sabi nila, "Kayong mga taga-Galilea, bakit kayo nakatayo rito at nakatingin sa langit? Itong si Jesus na umakyat sa langit ay magbabalik gaya ng nakita ninyong pag-akyat niya."

### Ang Kapalit ni Judas

12Nagbalik sa Jerusalem ang mga apostol buhat sa Bundok ng mga Olibo, na halos isang kilometro ang layo sa lungsod.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[13]Pagdating sa bahay na kanilang tinutuluyan, umakyat sila sa silid sa itaas. Sila ay sina Pedro, Juan, Santiago, Andres, Felipe, Tomas, Bartolome, Mateo, si Santiago na anak ni Alfeo, si Simon na Makabayan, at si Judas na anak ni Santiago.

[14]Lagi silang nagsasama-sama upang manalangin kasama ang mga babae at si Maria na ina ni Jesus, gayundin ang mga kapatid ni Jesus.

[15]Makalipas ang ilang araw, nang nagkakatipon ang may isandaan at dalawampung mga kapatid, tumayo sa harap nila si Pedro at nagsalita,

[16]"Mga kapatid, kailangang matupad ang sinasabi sa Kasulatan na ipinahayag ng Espiritu Santo sa pamamagitan ni David tungkol kay Judas na nanguna sa mga dumakip kay Jesus.

[17]Si Judas ay kabilang sa amin at naging kasama namin sa paglilingkod."

[18]Ang kabayaran sa kanyang pagtataksil ay ibinili niya ng lupa. Doon siya nahulog nang patiwarik at sumabog ang kanyang tiyan at lumabas ang kanyang bituka.

[19]Nabalita iyon sa buong Jerusalem, kaya nga't ang lupang iyon ay tinawag na Akeldama sa kanilang wika, na ang kahulugan ay Bukid ng Dugo.

[20]Sinabi pa ni Pedro, "Nasusulat sa Aklat ng mga Awit, 'Ang tirahan niya'y tuluyang layuan, at huwag nang tirhan ninuman.' Nasusulat din, 'Gampanan ng iba ang kanyang tungkulin.'

[21-22]"Kaya't dapat pumili ng isang makakasama namin bilang saksi sa muling pagkabuhay ni Jesus. Kailangang siya'y isa sa mga kasa-kasama namin sa buong panahong kasama kami ng Panginoong Jesus, mula nang bautismuhan ni Juan si Jesus hanggang sa siya ay iniakyat sa langit."

[23]Kaya't iminungkahi nila ang dalawang lalaki, si Matias at si Jose na tinatawag na Barsabas, na kilala rin sa pangalang Justo.

[24]Pagkatapos, sila'y nanalangin, "Panginoon, alam ninyo kung ano ang nasa puso ng lahat ng tao. Ipakita po ninyo sa amin kung sino sa dalawang ito ang inyong pinili

[25]upang maglingkod bilang apostol kapalit ni Judas na tumalikod sa kanyang tungkulin nang siya'y pumunta sa lugar na nararapat sa kanya."

[26]Nagpalabunutan sila at si Matias ang napili. Kaya't siya ay idinagdag sa labing-isang apostol.

## Mga Gawa 2

### Ang Pagdating ng Espiritu Santo

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Nagkakatipon silang lahat sa isang lugar nang sumapit ang araw ng Pentecostes.

2Walang anu-ano'y may ingay na nagmula sa langit, na tulad ng ugong ng malakas na hangin, at napuno nito ang bahay na kinaroroonan nila.

3May nakita silang parang mga dilang apoy na dumapo sa bawat isa sa kanila,

4at silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at nagsimulang magsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.

5May mga debotong Judio noon sa Jerusalem na nagmula sa bawat bansa sa buong mundo.

6Nang marinig nila ang ugong, nagdatingan ang maraming tao. Namangha sila sapagkat nagsasalita ang mga alagad sa wika ng mga nakikinig.

7Sa pagkamangha at pagtataka ay kanilang nasabi, "Hindi ba taga-Galilea silang lahat?

8Bakit sila nakapagsasalita sa ating wika?

9Tayo'y mga taga-Partia, Media, Elam, Mesopotamia, Judea at Capadocia, Ponto at Asia.

10Mayroon pa sa ating taga-Frigia at Pamfilia, Egipto at sa mga lupain ng Libya na malapit sa bayan ng Cirene, at mga nagmula sa Roma, mga Judio at mga Hentil na nahikayat sa pananampalatayang Judio.

11May mga taga-Creta at Arabia rin. Paano sila nakapagsasalita sa ating mga wika tungkol sa mga kahanga-hangang ginawa ng Diyos?"

12Hindi nila lubusang maunawaan ang nangyari, kaya't nagtanungan sila, "Ano ang kahulugan nito?"

13Ngunit may ilang nagsabi nang pakutya, "Lasing lang ang mga iyan!"

**Nangaral si Pedro**

14Kaya't tumayo si Pedro, kasama ng labing-isang apostol, at nagsalita nang malakas, "Mga taga-Judea, at kayong lahat na nakatira sa Jerusalem, pakinggan ninyong mabuti ang sasabihin ko.

15Hindi lasing ang mga taong ito, gaya ng palagay ninyo. Alas nuwebe pa lamang ng umaga ngayon.

16Ang nakikita ninyo'y katuparan ng ipinahayag ni Propeta Joel,

17'Ito ang gagawin ko sa mga huling araw,' sabi ng Diyos, 'Ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng tao; ipahahayag ng inyong mga anak na lalaki at babae ang aking mensahe. Ang inyong mga kabataang lalaki ay makakakita

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ng mga pangitain, at ang inyong matatandang lalaki ay magkakaroon ng mga panaginip.

18Sa panahong iyon, ibubuhos ko rin ang aking Espiritu, sa aking mga alipin, maging lalaki at maging babae, at ipahahayag nila ang aking mensahe.

19Magpapakita ako ng mga kababalaghan sa langit at mga himala sa lupa; dugo, apoy at makapal na usok.

20Ang araw ay magdidilim, ang buwan ay pupulang parang dugo, bago dumating ang dakila at maluwalhating araw ng Panginoon.

21At sinumang tumawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas.'

22"Mga Israelita, pakinggan ninyo ito! Si Jesus na taga-Nazaret ay sinugo ng Diyos. Pinatunayan ito ng mga himala, mga kababalaghan, at mga palatandaang ginawa ng Diyos sa pamamagitan niya. Alam ninyo ito sapagkat ang lahat ng ito ay naganap sa kalagitnaan ninyo.

23Ang Jesus na ito, na ipinagkanulo sa inyo ayon sa pasya at kaalaman ng Diyos sa mula't mula pa, ay ipinapako ninyo at ipinapatay sa mga taong masasama.

24Subalit siya'y muling binuhay ng Diyos at pinalaya mula sa kapangyarihan ng kamatayan, sapagkat hindi maaaring siya'y bihagin nito,

25gaya ng sinabi ni David tungkol sa kanya, 'Nakita ko ang Panginoon na lagi kong kasama, hindi ako matitinag sapagkat kapiling ko siya.

26Dahil dito, natuwa ang puso ko at ang mga salita ko'y napuno ng galak, at ang katawan ko'y mananatiling may pag-asa.

27Sapagkat ang kaluluwa ko'y di mo pababayaan sa daigdig ng mga patay, At hindi mo hahayaang makaranas ng pagkabulok ang iyong Banal na Lingkod.

28Itinuro mo sa akin ang mga landas patungo sa buhay, dahil ikaw ang kasama ko, ako'y mapupuno ng kagalakan.'

29"Mga kapatid, may katiyakang sinasabi ko sa inyo na ang ninuno nating si David ay namatay at inilibing, at naririto ang kanyang libingan hanggang ngayon.

30Siya'y propeta at alam niya ang pangako sa kanya ng Diyos, na magiging haring tulad niya ang isang magmumula sa kanyang angkan.

31Noon pa man ay nakita na ni David ang muling pagkabuhay ng Cristo at ipinahayag niya ito nang kanyang sabihing, 'hindi siya pinabayaan sa daigdig ng mga patay, at hindi nakaranas ng pagkabulok ang kanyang katawan.'

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

32Ang Jesus na ito ay muling binuhay ng Diyos at saksi kaming lahat sa pangyayaring iyon.

33Pinaupo siya sa kanan ng Diyos at tinanggap niya mula sa Ama ang ipinangakong Espiritu Santo. Ito ang kanyang ibinuhos sa amin, tulad ng inyong nakikita at naririnig.

34Hindi si David ang umakyat sa langit, kundi sinabi lamang niya, ‘Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon, “Maupo ka sa kanan ko,

35hanggang lubusan kong mapasuko sa iyo ang mga kaaway mo.”’

36“Kaya't dapat malaman ng buong Israel na itong si Jesus na ipinako ninyo sa krus ay siyang ginawa ng Diyos na Panginoon at Cristo!”

37Nabagabag ang kanilang kalooban nang marinig ito, kaya't tinanong nila si Pedro at ang ibang mga apostol, “Mga kapatid, ano ang dapat naming gawin?”

38Sumagot si Pedro, “Pagsisihan ninyo't talikuran ang inyong mga kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Jesu-Cristo upang kayo'y patawarin; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.

39Sapagkat ang pangako ay para sa inyo at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nasa malayo, sa bawat taong tatawagin ng ating Panginoong Diyos.”

40Marami pang inilahad si Pedro upang patunayan ang kanyang sinabi, at nanawagan siya sa kanila, “Iligtas ninyo ang inyong mga sarili mula sa parusang sasapitin ng masamang lahing ito.”

41Kaya't ang mga naniwala sa ipinangaral niya ay nagpabautismo, at nadagdagan ang mga alagad ng may tatlong libong katao nang araw na iyon.

42Inilaan nila ang kanilang mga sarili upang matuto sa turo ng mga apostol, magsama-sama bilang magkakapatid, magsalu-salo sa pagkain ng tinapay, at manalangin.

### Ang Pamumuhay ng mga Sumasampalataya

43Dahil sa maraming himala at kababalaghang ginagawa sa pamamagitan ng mga apostol [sa Jerusalem], naghari sa lahat ang takot.

44Nagsama-sama ang lahat ng sumasampalataya at ang kanilang mga ari-arian ay itinuring na para sa lahat.

45Ipinagbili nila ang kanilang mga ari-arian at ang napagbilhan ay ipinamahagi sa bawat isa ayon sa kanyang pangangailangan.

46Araw-araw, sila'y nagkakatipon sa Templo at nagpipira-piraso ng tinapay sa kanilang mga tahanan, na masaya at may malinis na kalooban.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

47Nagpupuri sila sa Diyos, at kinalulugdan sila ng lahat ng tao. At bawat araw ay idinaragdag sa kanila ng Panginoon ang mga inililigtas.

## Mga Gawa 3

### Pinagaling ang Isang Lumpo

1Minsan, nagpunta sina Pedro at Juan sa Templo; alas tres ng hapon noon, ang oras ng pananalangin.

2Sa pintuan ng Templo na tinatawag na Pintuang Maganda ay may isang lalaking lumpo mula pa nang ito'y isilang. Dinadala ito sa Templo araw-araw upang mamalimos sa mga taong pumapasok doon.

3Nang makita nito sina Pedro at Juan na papasók sa Templo, siya'y humingi ng limos.

4Tinitigan siya ng dalawa, at sinabi ni Pedro sa kanya, “Tingnan mo kami!”

5Tumingin nga siya sa kanila sa pag-asang siya'y lilimusan.

6Ngunit sinabi ni Pedro, “Wala akong pilak o ginto, ngunit kung ano ang mayroon ako ay siya kong ibibigay sa iyo. Sa pangalan ni Jesu-Cristong taga-Nazaret, tumayo ka at lumakad.”

7Hinawakan niya sa kanang kamay ang lumpo at itinayo. Noon di'y lumakas ang mga paa at bukung-bukong ng lalaki;

8palukso itong tumayo at nagsimulang lumakad. Pumasok siya sa Templo kasama nila, naglalakad, lumulundag at nagpupuri sa Diyos.

9Nakita ng lahat na siya'y naglalakad at nagpupuri sa Diyos.

10Nang makilala nilang siya ang pulubing dati'y nakaupong namamalimos sa Pintuang Maganda ng Templo, namangha sila at nagtaka sa nangyari sa kanya.

### Nangaral si Pedro sa Portiko ni Solomon

11Habang nakahawak siya kina Pedro at Juan sa lugar na tinatawag na Portiko ni Solomon, patakbong lumapit sa kanila ang mga taong takang-taka sa nangyari.

12Nangmakita ni Pedro ang mga tao, sinabi niya, “Mga Israelita, bakit kayo nagtataka sa nangyaring ito? Bakit ninyo kami tinititigan? Akala ba ninyo'y napalakad namin siya dahil sa sarili naming kapangyarihan o kabanalan?

13Niluwalhati  ng Diyos ng ating mga ninunong sina Abraham, Isaac at Jacob ang kanyang Lingkod na si Jesus na isinakdal ninyo at itinakwil sa harap ni Pilato, gayong ipinasya na nito na palayain siya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Itinakwil ninyo ang Banal at Matuwid, at hiniling na palayain ang isang mamamatay-tao.

15Pinatay ninyo ang Pinagmumulan ng buhay, ngunit siya'y muling binuhay ng Diyos, at saksi kami sa pangyayaring ito.

16Ang kapangyarihan ng pangalan ni Jesus ang nagpagaling sa lalaking ito; nangyari ito dahil sa pananalig sa kanyang pangalan. Ang pananalig kay Jesus ang lubusang nagpagaling sa kanya, tulad ng inyong nakikita.

17“Mga kapatid, alam kong hindi ninyo nauunawaan ang inyong ginawa, gayundin ng inyong mga pinuno.

18Sa ganitong paraan ay natupad ang matagal nang ipinahayag ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta na ang kanyang Cristo ay kailangang magdusa.

19Kaya nga, magsisi kayo at magbalik-loob sa Diyos upang patawarin ang inyong mga kasalanan,

20at nang sa gayon ay sumapit ang panahon ng pagpapanibagong lakas mula sa Panginoon. Susuguin niya si Jesus, ang Cristong hinirang mula pa noong una para sa inyo.

21Siya'y dapat munang manatili sa langit hanggang sa dumating ang pagbabago ng lahat ng bagay, ayon sa ipinahayag ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang mga banal na propeta mula pa noong una.

22Sapagkat sinabi ni Moises, ‘Mula sa inyo, ang Panginoon ninyong Diyos ay pipili para sa inyo ng isang propetang katulad ko. Sundin ninyo ang lahat ng kanyang sasabihin sa inyo.

23Ang sinumang hindi sumunod sa propetang iyon ay ihihiwalay sa bayan ng Diyos at lilipulin.’

24Ang lahat ng mga propeta, kasama si Samuel at ang mga kasunod niya, ay nagpahayag din tungkol sa panahong ito.

25Ang mga pangako ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta ay para sa inyo, at kasama kayo sa kasunduan na ginawa ng Diyos at ng inyong mga ninuno nang kanyang sabihin kay Abraham, ‘Pagpapalain ko ang lahat ng angkan sa daigdig sa pamamagitan ng iyong lahi.’

26Kaya't matapos buhayin ng Diyos ang kanyang Lingkod, sa inyo siya unang isinugo upang pagpalain kayo at tulungang tumalikod sa inyong masamang pamumuhay.”

## Mga Gawa 4

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Sina Pedro at Juan sa Harap ng Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio

[1]Nagsasalita pa sina Pedro at Juan sa mga taong bayan nang dumating ang mga paring Judio, ang kapitan ng mga bantay sa Templo at ang mga Saduseo.

[2]Galit na galit sila sa dalawang apostol dahil itinuturo ng mga ito sa mga tao na si Jesus ay muling nabuhay, at iyon ang katibayan na muling mabubuhay ang mga patay.

[3]Kaya't dinakip nila ang dalawa, at ikinulong muna hanggang kinabukasan sapagkat gabi na noon.

[4]Gayunman, marami sa nakarinig ng kanilang pangangaral ang sumampalataya kay Jesus, kaya't umabot sa limanlibo ang bilang ng mga lalaki.

[5]Kinabukasan, nagtipon sa Jerusalem ang mga pinuno ng mga Judio, ang mga matatandang namumuno sa bayan at ang mga tagapagturo ng Kautusan.

[6]Kasama nila si Anas, ang pinakapunong pari, si Caifas, si Juan, si Alejandro, at ang iba pang mga kamag-anak ng pinakapunong pari.

[7]Pinatayo nila sa harap ang mga apostol at tinanong, “Sa anong kapangyarihan o sa kaninong pangalan ninyo ginagawa ang bagay na ito?”

[8]Sumagot si Pedro na puspos ng Espiritu Santo, “Mga tagapanguna at mga pinuno ng bayan,

[9]kung sinisiyasat ninyo kami ngayon tungkol sa kabutihang ginawa namin sa lumpong ito at kung paano siya gumaling,

[10]nais kong malaman ninyong lahat at ng buong Israel na ang taong ito ay nakatayo sa inyong harapan at lubusang gumaling dahil sa kapangyarihan ng pangalan ni Jesu-Cristo na taga-Nazaret, na inyong ipinako sa krus ngunit muling binuhay ng Diyos.

[11]Ang Jesus na ito ‘Ang batong itinakwil ninyong mga tagapagtayo ng bahay, ang siyang naging batong-panulukan.’

[12]Sa kanya lamang matatagpuan ang kaligtasan, sapagkat walang ibang pangalan sa buong daigdig na ibinigay ng Diyos sa mga tao upang tayo ay maligtas.”

[13]Nagtaka ang buong Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio sa katapangang ipinakita nina Pedro at Juan, lalo na nang malaman nilang mga karaniwang tao lamang ang mga ito at hindi nakapag-aral. Nabatid nilang dating kasamahan ni Jesus ang mga ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Ngunit dahil kaharap nila ang taong pinagaling, na nakatayo sa tabi nina Pedro at Juan, wala silang masabi laban sa dalawa.

15Kaya't ang dalawa ay pinalabas muna ng Kapulungan, at saka sila nag-usap.

16"Ano ang gagawin natin sa mga taong ito?" tanong nila. "Hayag na sa buong Jerusalem na isang pambihirang himala ang naganap sa pamamagitan nila at hindi natin ito maikakaila.

17Upang huwag nang kumalat ang balita tungkol dito, pagsabihan na lamang natin sila na huwag nang magsalita kaninuman sa pangalan ni Jesus."

18Kaya't muli nilang ipinatawag sina Pedro at pinagsabihang huwag nang magsalita o magturo pang muli sa pangalan ni Jesus.

19Subalit sumagot sina Pedro at Juan, "Kayo na ang humatol kung alin ang tama sa paningin ng Diyos, ang sumunod sa inyo o ang sumunod sa Diyos.

20Hindi maaaring di namin ipahayag ang aming nakita at narinig."

21Wala silang makitang paraan upang parusahan ang dalawa, sapagkat ang mga tao'y nagpupuri sa Diyos dahil sa nangyari. Kaya't binalaan nila ang dalawa nang lalo pang mahigpit, at saka pinalaya.

22Ang lalaking pinagaling ay mahigit nang apatnapung taong gulang.

**Panalangin Upang Magkaroon ng Katapangan**

23Nang palayain na sina Pedro at Juan, pumunta sila sa mga kasamahan nila at ibinalita ang sinabi ng mga punong pari at ng mga pinuno ng bayan.

24Nang marinig ito ng mga mananampalataya, sama-sama silang nanalangin sa Diyos, "Panginoon, kayo po ang lumikha ng langit at ng lupa, ng dagat at ng lahat ng nasa mga ito!

25Kayo po ang nagsalita sa pamamagitan ng aming ninunong si David na inyong lingkod nang sabihin niya sa patnubay ng Espiritu Santo, 'Bakit galit na galit ang mga Hentil, at ang mga tao'y nagbalak ng mga bagay na walang kabuluhan?

26Naghanda para sa digmaan ang mga hari sa lupa, at nagtipon ang mga pinuno laban sa Panginoon at sa kanyang Hinirang.'

27Nagkatipon nga sa lungsod na ito sina Herodes at Poncio Pilato, kasama ang mga Hentil at ang buong Israel, laban sa inyong banal na Lingkod na si Jesus, ang inyong Hinirang.

28Nagkatipon sila upang isagawa ang lahat ng bagay na inyong itinakda noong una pa man ayon sa inyong kapangyarihan at kalooban.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29At ngayon, Panginoon, tingnan ninyo, pinagbabantaan nila kami. Bigyan ninyo ng katapangan ang inyong mga alipin upang ipangaral ang inyong salita.

30Iunat ninyo ang inyong kamay upang magpagaling, at loobin ninyo na sa pangalan ng inyong banal na Lingkod na si Jesus ay makagawa kami ng mga himala."

31Pagkatapos nilang manalangin, nayanig ang kanilang pinagtitipunan. Silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at buong tapang na nangaral ng salita ng Diyos.

**Ang Pagtutulungan ng mga Mananampalataya**

32Nagkaisa ang damdamin at isipan ng lahat ng mananampalataya, at di itinuring ninuman na sarili niya ang kanyang mga ari-arian, kundi para sa lahat.

33Taglay ang dakilang kapangyarihan, ang mga apostol ay patuloy na nagpapatotoo tungkol sa muling pagkabuhay ng Panginoong Jesus. At ang masaganang pagpapala ay tinaglay nilang lahat.

34Walang kinakapos sa kanila sapagkat ipinagbibili nila ang kani-kanilang lupa o bahay, at ang pinagbilhan

35ay ipinagkakatiwala nila sa mga apostol. Ipinamamahagi naman iyon ayon sa pangangailangan ng bawat isa.

36Ganoon ang ginawa ni Jose, isang Levitang taga-Cyprus, na tinawag ng mga apostol na Bernabe, na ang ibig sabihi'y "Anak ng Pagpapalakas-loob."

37Ipinagbili niya ang kanyang bukid at ipinagkatiwala sa mga apostol ang pinagbilhan.

## Mga Gawa 5

**Si Ananias at si Safira**

1Subalit mayroong mag-asawa na nagbenta ng kanilang ari-arian; Ananias ang pangalan ng lalaki at Safira naman ang babae.

2Hindi ibinigay ni Ananias sa mga apostol ang buong pinagbilhan na sinang-ayunan naman ng kanyang asawa. Isang bahagi lamang ang kanyang ipinagkatiwala sa mga apostol.

3Kaya't sinabi ni Pedro, "Ananias, bakit ka nagpadala kay Satanas at nagsinungaling ka sa Espiritu Santo? Bakit mo binawasan ang pinagbilhan mo ng lupa?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Bago mo ipinagbili ang lupa, hindi ba iyo iyon? At nang maipagbili na, hindi ba iyo rin ang pinagbilhan? Bakit mo naisipang gawin iyon? Hindi ka sa tao nagsinungaling kundi sa Diyos."

5Nang marinig ito ni Ananias, siya'y nalagutan ng hininga at bumagsak, at lahat ng nakabalita sa pangyayaring iyon ay pinagharian ng matinding takot.

6Lumapit ang ilang binata, binalot ang bangkay, at siya'y inilibing.

7Pagkaraan ng may tatlong oras, dumating naman ang kanyang asawa na walang kamalay-malay sa nangyari.

8Kinausap siya ni Pedro, "Sabihin mo sa akin, ito nga ba lamang ang kabuuang halagang pinagbilhan ninyo ng inyong lupa?" "Opo, iyan lamang," sagot ng babae.

9Kaya't sinabi sa kanya ni Pedro, "Bakit nagkaisa kayong subukin ang Espiritu ng Panginoon? Hayan! Kadarating pa lamang ng mga naglibing sa iyong asawa, at ikaw naman ngayon ang isusunod nila!"

10Noon di'y nabuwal si Safira sa paanan ni Pedro at namatay. Pagpasok ng mga binata, nakita nilang patay na siya kaya't inilibing siya sa tabi ng kanyang asawa.

11Nakadama ng matinding takot ang buong iglesya at ang lahat ng nakabalita nito.

**Ang Pagpapagaling sa mga Maysakit**

12Maraming himalang ginawa ang mga apostol, na pawang nasaksihan ng mga tao. Sa Portiko ni Solomon nagtitipon ang mga mananampalataya,

13ngunit natatakot sumama sa kanila ang mga di mananampalataya, kahit na pinupuri sila ng mga ito.

14Samantala, parami nang parami ang mga lalaki at babaing sumasampalataya sa Panginoon.

15Dinadala sa mga lansangan ang mga maysakit at inilalagay sa mga papag at banig upang pagdaan ni Pedro ay matamaan man lamang ng kanyang anino ang ilan sa kanila.

16Dumating din ang maraming tao mula sa mga karatig-bayan ng Jerusalem, dala ang kanilang mga maysakit at mga pinapahirapan ng masasamang espiritu; at gumaling silang lahat.

**Ang Pag-uusig sa mga Apostol**

17Labis na nainggit sa mga apostol ang pinakapunong pari at ang mga kasamahan niyang Saduseo, kaya't kumilos sila.

18Dinakip nila ang mga apostol at ibinilanggo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Ngunit kinagabiha'y binuksan ng isang anghel ng Panginoon ang bilangguan at inilabas ang mga apostol. Sinabi nito sa kanila,

20"Pumunta kayo sa Templo at ipahayag sa mga tao ang lahat ng bagay tungkol sa bagong pamumuhay na ito."

21Kaya nang mag-uumaga na, pumasok sa Templo ang mga apostol at nagturo sa mga tao. Nagtipon naman ang pinakapunong pari at ang kanyang mga kasamahan, at tumawag ng pangkalahatang pulong ng Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio at ng pamunuan ng Israel. Ipinakuha nila sa bilangguan ang mga apostol,

22ngunit ang mga ito ay wala na nang dumating doon ang mga kawal kaya't nagbalik sila sa Kapulungan at nag-ulat,

23"Nakita po namin na nakasusing mabuti ang pintuan ng bilangguan at nakatayo roon ang mga bantay. Ngunit nang buksan namin, wala kaming nakitang tao sa loob!"

24Nang marinig ito, nabahala ang mga punong pari at ang kapitan ng mga bantay sa Templo. Hindi nila maubos-maisip kung ano ang nangyari sa mga apostol.

25Siya namang pagdating ng isang taong ganito ang sabi, "Tingnan po ninyo, ang mga lalaking ipinakulong ninyo ay naroon sa Templo at nagtuturo sa mga tao."

26Kaya't pumunta sa Templo ang kapitan, kasama ang kanyang mga tauhan. Kinuha nila ang mga apostol, ngunit hindi sila gumamit ng dahas sa pangambang baka pagbabatuhin sila ng mga tao.

27Iniharap nila sa Kapulungan ang mga apostol at ang mga ito'y tinanong ng pinakapunong pari.

28"Hindi ba't mahigpit namin kayong pinagbawalang mangaral sa pangalan ng taong iyan?" sinabi niya. "Ngunit tingnan ninyo ang inyong ginawa! Laganap na sa Jerusalem ang inyong itinuturo at nais pa ninyo kaming papanagutin sa pagkamatay ng taong iyan!"

29Sumagot si Pedro at ang ibang mga apostol, "Sa Diyos kami dapat sumunod, at hindi sa tao.

30Ang Diyos ng ating mga ninuno ang muling bumuhay kay Jesus na pinatay ninyo nang siya'y inyong ipinako sa krus.

31Iniakyat siya ng Diyos sa kanyang kanan bilang Tagapanguna at Tagapagligtas, upang bigyan ang mga Israelita ng pagkakataong magsisi at tumalikod sa kasalanan, at nang sa gayon ay magkamit sila ng kapatawaran.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

32Saksi kami sa mga bagay na ito, kami at ang Espiritu Santo na ipinagkaloob ng Diyos sa mga sumusunod sa kanya."

33Nagngitngit sa galit ang mga bumubuo ng Kapulungan nang marinig ito, at nais nilang ipapatay ang mga apostol.

34Ngunit tumayo ang isa sa kanila na ang pangalan ay Gamaliel, isang Pariseong guro ng Kautusan at iginagalang ng buong bayan. Iniutos niyang ilabas muna ang mga apostol,

35at pagkatapos ay nagsalita, "Mga kababayan, isipin ninyong mabuti ang gagawin ninyo sa mga taong ito.

36Hindi pa nagtatagal mula nang lumitaw si Teudas na nagpanggap na isang dakilang pinuno, at nakaakit ng may apatnaraang tagasunod. Ngunit nang mapatay siya, nagkahiwa-hiwalay ang kanyang mga tauhan at nauwi sa wala ang kanilang kilusan.

37Pagkatapos, lumitaw naman si Judas na taga-Galilea noong panahon ng pagpapatala ng mga mamamayan, at nakaakit din ito ng maraming tauhan. Nang mapatay siya, nagkawatak-watak din ang mga tagasunod niya.

38Kaya't ganito ang payo ko: huwag ninyong pakialaman ang mga taong ito; hayaan ninyo sila. Kung ang kanilang plano o kilusan ay mula sa tao, ito'y kusang maglalaho.

39Ngunit kung ito'y mula sa Diyos, hindi ninyo ito mahahadlangan, at lilitaw pang kayo'y lumalaban sa Diyos!" Sinunod nga nila ang payo ni Gamaliel.

40Pinapasok nilang muli ang mga apostol, at matapos ipahagupit at pagbawalang mangaral sa pangalan ni Jesus, ang mga ito'y pinalaya.

41Nilisan ng mga apostol ang Kapulungan at sila'y galak na galak sapagkat minarapat ng Diyos na sila'y magdanas ng kahihiyan alang-alang sa pangalan ni Jesus.

42At araw-araw, sa Templo at sa mga bahay-bahay, walang tigil silang nagturo at nangaral ng magandang balita tungkol kay Jesus, ang Cristo.

## Mga Gawa 6

### Ang Pagpili sa Pitong Tagapaglingkod

1Habang patuloy na dumarami ang mga alagad, nagkaroon ng reklamo laban sa mga Hebreo ang mga Helenista. Sinabi nilang ang mga biyuda sa pangkat nila ay napapabayaan sa pang-araw-araw na pamamahagi ng ikabubuhay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Kaya't tinipon ng Labindalawa ang buong kapulungan ng mga mananampalataya at sinabi sa kanila, “Hindi namin dapat pabayaan ang pangangaral ng salita ng Diyos upang mangasiwa sa pamamahagi ng ikabubuhay.

3Kaya, mga kapatid, pumili kayo sa mga kasamahan ninyo ng pitong lalaking iginagalang, puspos ng Espiritu, at matatalino upang ilagay namin sila sa tungkuling ito.

4Samantala, iuukol naman namin ang aming panahon sa pananalangin at sa pangangaral ng salita.”

5Nalugod ang buong kapulungan sa panukalang ito, kaya't pinili nila si Esteban, isang lalaking lubos ang pananampalataya sa Diyos at puspos ng Espiritu Santo, at sina Felipe, Procoro, Nicanor, Timon, Parmenas, at si Nicolas na taga-Antioquia, isang Hentil na nahikayat sa pananampalatayang Judio.

6Nang iharap sila sa mga apostol, sila'y ipinanalangin at pinatungan ng kamay.

7Patuloy na lumaganap ang salita ng Diyos at dumami ang mga alagad sa Jerusalem. At maraming paring Judio ang naniwala sa Magandang Balita.

**Ang Pagdakip kay Esteban**

8Pinagpala ng Diyos si Esteban at pinagkalooban ng kapangyarihan, kaya't nakakagawa siya ng maraming kababalaghan at himala sa harapan ng madla.

9Minsan, nakipagtalo sa kanya ang ilang kasapi sa sinagoga ng mga Pinalaya, na binubuo ng mga Judiong taga-Cirene, Alejandria, Cilicia, at Asia.

10Ngunit hindi nila kayang salungatin ang karunungang kaloob ng Espiritu kay Esteban.

11Kaya't lihim nilang sinulsulan ang ilang lalaki na magpatotoo laban sa kanya ng ganito, “Narinig naming nilalait niya si Moises at ang Diyos.”

12Sa gayon, naudyukan nilang magalit kay Esteban ang mga tao, ang mga pinuno ng bayan at ang mga tagapagturo ng Kautusan. Siya'y sinunggaban nila at dinala sa Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio.

13Nagharap sila ng mga sinungaling na saksi laban kay Esteban. Sinabi ng mga ito, “Ang taong ito ay walang tigil ng pagsasalita laban sa banal na Templo at sa Kautusan ni Moises.

14Narinig naming sinasabi niya na ang Templo raw ay gigibain nitong si Jesus na taga-Nazaret, at papalitan ang mga kaugaliang ipinamana sa atin ni Moises.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Si Esteban ay pinagmasdang mabuti ng lahat ng nakaupo sa Kapulungan, at nakita nila na ang kanyang mukha ay parang mukha ng anghel.

## Mga Gawa 7

### Ang Talumpati ni Esteban

1Si Esteban ay tinanong ng pinakapunong pari, "Totoo ba ang lahat ng ito?"

2Sumagot si Esteban, "Mga kapatid at mga magulang, pakinggan ninyo ang sasabihin ko. Ang dakila at makapangyarihang Diyos ay nagpakita sa ating ninunong si Abraham nang siya'y nasa Mesopotamia pa, bago siya nanirahan sa Haran.

3Sinabi sa kanya ng Diyos, 'Iwan mo ang iyong lupain at mga kamag-anak at pumunta ka sa lupaing ituturo ko sa iyo.'

4"Kaya't umalis siya sa lupain ng mga Caldeo at nanirahan sa Haran. Pagkamatay ng kanyang ama, siya'y pinalipat ng Diyos sa lupaing ito na inyong tinitirhan ngayon.

5Gayunman, hindi pa siya binigyan dito ng Diyos ng kahit na kapirasong lupa, ngunit ipinangako sa kanya na ang lupaing ito ay magiging pag-aari niya at ng magiging lahi niya, kahit na wala pa siyang anak noon.

6Ganito ang sinabi sa kanya ng Diyos, 'Makikitira sa ibang lupain ang iyong magiging lahi. Aalipinin sila roon at pahihirapan sa loob ng apatnaraang taon,

7ngunit paparusahan ko ang bansang aalipin sa kanila. Aalis sila roon at sasamba sa akin sa lugar na ito.'

8At iniutos ng Diyos kay Abraham ang pagtutuli bilang palatandaan ng kanilang kasunduan. Kaya't nang isilang si Isaac, tinuli niya ito sa ikawalong araw. Ganoon din ang ginawa ni Isaac sa anak niyang si Jacob, at ginawa naman ni Jacob sa labindalawa niyang anak na lalaki, na naging mga ninuno ng ating lahi.

9"Ang mga ninuno nating ito ay nainggit kay Jose, kaya't siya'y ipinagbili nila upang maging alipin sa Egipto. Ngunit kasama niya ang Diyos,

10at hinango siya ng Diyos sa lahat ng kanyang kahirapan. Pinagpala siya ng Diyos at pinagkalooban ng karunungan nang humarap siya sa Faraon, ang hari ng Egipto. Siya'y ginawa nitong gobernador ng Egipto at tagapamahala ng buong sambahayan ng hari.

11"Nagkaroon ng taggutom at matinding paghihirap sa buong Egipto at Canaan. Maging ang ating mga ninuno ay walang makunan ng pagkain.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Kaya't nang mabalitaan ni Jacob na may trigo sa Egipto, pinapunta niya roon ang ating mga ninuno sa unang pagkakataon.

13Sa ikalawang pagpunta nila, nagpakilala si Jose sa kanyang mga kapatid, at nalaman naman ng Faraon ang tungkol sa kanyang pamilya.

14Dahil dito'y ipinasundo ni Jose ang kanyang amang si Jacob at ang buong pamilya nito, pitumpu't limang katao silang lahat.

15Pumunta nga si Jacob sa Egipto at doon siya namatay, gayundin ang ating mga ninuno.

16Ang kanilang mga labî ay dinala sa Shekem at inilagay sa libingang binili ni Abraham sa mga anak ni Hamor.

17“Nang sumapit ang panahon para tuparin ng Diyos ang kanyang pangako kay Abraham, maraming-marami na ang mga Israelita sa Egipto.

18Sa panahong iyon, hindi na kilala ng hari [ng Egipto] si Jose.

19Dinaya at pinahirapan ng hari ang ating mga ninuno at sapilitan niyang ipinatapon ang kanilang mga sanggol upang mamatay.

20Noon ipinanganak si Moises, isang batang kinalulugdan ng Diyos. Tatlong buwan siyang inalagaan sa kanilang tahanan,

21at nang siya'y itapon, inampon siya ng anak na babae ng Faraon, at pinalaking parang sariling anak.

22Tinuruan siya sa lahat ng karunungan ng mga Egipcio, at siya'y naging dakila sa salita at sa gawa.

23“Nang si Moises ay apatnapung taon na, naisipan niyang dalawin ang kanyang mga kababayang Israelita upang tingnan ang kanilang kalagayan.

24Nakita niyang inaapi ng isang Egipcio ang isa sa kanila, kaya't ipinagtanggol niya ito, at napatay niya ang Egipciong iyon.

25Akala ni Moises ay mauunawaan ng kanyang mga kababayan na sila'y ililigtas ng Diyos sa pamamagitan niya. Ngunit hindi nila ito naunawaan.

26Kinabukasan, may nakita siyang dalawang Israelitang nag-aaway, at sinikap niyang sila'y pagkasunduin. Sabi niya, ‘Mga kaibigan, pareho kayong Israelita. Bakit kayo nag-aaway?’

27Subalit tinabig siya ng lalaking nananakit at pinagsabihan ng ganito: ‘Sino ang naglagay sa iyo upang maging pinuno at hukom namin?

28Nais mo rin ba akong patayin gaya ng ginawa mo kahapon doon sa Egipcio?’

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29Nang marinig ito ni Moises, siya'y tumakas at nanirahan sa lupain ng Midian. Doon ay nagkaroon siya ng dalawang anak na lalaki.

30“Makalipas ang apatnapung taon, samantalang si Moises ay nasa ilang na di-kalayuan sa Bundok ng Sinai, nagpakita sa kanya ang isang anghel sa isang nagliliyab na mababang punongkahoy.

31Namangha si Moises sa kanyang nakita, at nang lapitan niya ito upang tingnang mabuti, narinig niya ang tinig ng Panginoon,

32‘Ako ang Diyos ng iyong mga ninuno, ang Diyos nina Abraham, Isaac at Jacob.’ Nanginig sa takot si Moises at hindi makatingin.

33Sinabi sa kanya ng Panginoon, ‘Alisin mo ang iyong sandalyas sapagkat banal ang lupang kinatatayuan mo.

34Nakita ko ang paghihirap ng aking bayan sa Egipto; narinig ko ang kanilang daing, at bumabâ ako upang sila'y iligtas. Halika't isusugo kita sa Egipto.’

35“Itinakwil nila ang Moises na ito nang kanilang sabihin, ‘Sino ang naglagay sa iyo upang maging pinuno at hukom namin?’ Ngunit ang Moises ding iyon ang isinugo ng Diyos upang mamuno at magligtas sa kanila, sa tulong ng anghel na nagpakita sa kanya sa mababang punongkahoy.

36Sila ay inilabas niya mula sa Egipto sa pamamagitan ng mga himalang ginawa niya roon, sa Dagat na Pula, at sa ilang sa loob ng apatnapung taon.

37Siya rin ang Moises na nagsabi sa mga Israelita, ‘Ang Diyos ay pipili ng isa sa inyo at gagawing propetang tulad ko.’

38Siya ang kasama sa kapulungan ng mga Israelita sa ilang at ng anghel na nagsalita sa kanya at sa ating mga ninuno sa Bundok ng Sinai. Siya ang tumanggap ng mga salitang nagbibigay-buhay mula sa Diyos upang ibigay sa atin.

39“Ngunit hindi siya sinunod ng ating mga ninuno. Sa halip, siya'y kanilang itinakwil, at mas gusto pa nilang magbalik sa Egipto.

40Sinabi pa nila kay Aaron, ‘Igawa mo kami ng mga diyos na mangunguna sa amin, sapagkat hindi namin alam kung ano na ang nangyari sa Moises na iyan na naglabas sa amin mula sa lupain ng Egipto.’

41At gumawa nga sila ng isang diyus-diyosan na may anyong guyang baka. Nag-alay sila ng handog at ipinagpista ang diyus-diyosang hinugis ng kanilang mga kamay.

42Dahil diyan, itinakwil sila ng Diyos at hinayaang sumamba sa mga bituin sa langit, ayon sa nakasulat sa aklat ng mga propeta: ‘Bayang Israel, hindi

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

naman talaga ako ang tunay na hinandugan ninyo ng mga alay at mga hayop na pinatay sa loob ng apatnapung taong kayo'y nasa ilang.

43Sa halip, ang inyong dala-dala ay ang santuwaryo ni Molec, at ang bituin ng inyong diyos na si Refan. Dahil ginawa ninyo ang mga rebultong ito upang sambahin, dadalhin ko kayong mga bihag sa kabila pa ng Babilonia.'

44"Kasama ng ating mga ninuno sa ilang ang Toldang Tipanan na ipinagawa ng Diyos kay Moises ayon sa anyong ipinakita sa kanya.

45Minana ito ng kanilang mga anak at dinala-dala habang sinasakop nila ang lupain ng mga bansang ipinalupig sa kanila ng Diyos sa pangunguna ni Josue. Ito'y nanatili roon hanggang sa kapanahunan ni David.

46Kinalugdan ng Diyos si David, at humingi ito ng pahintulot na magtayo ng tahanan para sa Diyos ng Israel.

47Ngunit si Solomon na ang nagtayo ng tahanang iyon.

48"Gayunman, ang Kataas-taasang Diyos ay hindi naninirahan sa mga bahay na ginawa ng tao. Sabi nga ng propeta,

49'Ang langit ang aking trono,' sabi ng Panginoon, 'at ang lupa ang aking tuntungan. Anong uri ng bahay ang itatayo ninyo para sa akin, o anong lugar ang pagpapahingahan ko?

50Hindi ba't ako ang gumawa ng lahat ng ito?'

51"Napakatigas ng ulo ninyo! Ang mga puso at tainga ninyo ay parang sa mga pagano! Kung ano ang ginawa ng inyong mga ninuno, iyon din ang ginagawa ninyo ngayon. Lagi ninyong nilalabanan ang Espiritu Santo.

52Sinong propeta ang hindi inusig ng inyong mga ninuno? Pinatay nila ang mga nagpahayag tungkol sa pagparito ng Matuwid na Lingkod na inyo namang ipinagkanulo at ipinapatay.

53Tumanggap kayo ng kautusang ibinigay ng Diyos sa pamamagitan ng mga anghel, ngunit hindi naman ninyo ito sinunod."

### Ang Pagbato kay Esteban

54Nagngitngit sa matinding galit kay Esteban ang buong Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio nang marinig ang mga ito.

55Ngunit si Esteban, na puspos ng Espiritu Santo, ay tumingala sa langit, at nakita niya ang kaluwalhatian ng Diyos at si Jesus na nakatayo sa kanan ng Diyos.

56Kaya't sinabi niya, "Tingnan ninyo! Nakikita kong bukás ang kalangitan, at ang Anak ng Tao na nakatayo sa kanan ng Diyos."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

57Tinakpan nila ang kanilang mga tainga at nagsigawan. Pagkatapos, sabay-sabay nilang sinugod si Esteban

58at kinaladkad siya palabas ng lungsod upang batuhin. Inilagay ng mga saksi ang kanilang mga balabal sa paanan ng isang binatang nagngangalang Saulo.

59At habang binabato nila si Esteban, nanalangin siya ng ganito: “Panginoong Jesus, tanggapin mo po ang aking espiritu.”

60Lumuhod si Esteban at sumigaw nang malakas, “Panginoon, huwag mo po silang pananagutin sa kasalanang ito!” At pagkasabi nito, siya'y namatay.

## Mga Gawa 8

### Inusig ni Saulo ang Iglesya

1Sinang-ayunan ni Saulo ang pagpatay kay Esteban. Nang araw na iyon, nagsimula ang matinding pag-uusig laban sa iglesya sa Jerusalem; at maliban sa mga apostol, ang lahat ng sumasampalataya ay nagkawatak-watak at napunta sa iba't ibang lugar sa lupain ng Judea at Samaria.

2Si Esteban nama'y inilibing ng mga taong may takot sa Diyos at tinangisan nang gayon na lamang.

3Samantala, sinikap ni Saulo na wasakin ang iglesya; pinasok niya ang mga bahay-bahay at kanyang kinaladkad at ibinilanggo ang mga sumasampalataya, maging lalaki o babae.

### Ipinangaral sa Samaria ang Magandang Balita

4Ipinangaral ng mga mananampalatayang nagkawatak-watak sa iba't ibang lugar ang Salita saan man sila magpunta.

5Nagpunta si Felipe sa lungsod ng Samaria at ipinahayag doon ang Cristo.

6Nang marinig ng mga tao si Felipe at makita ang mga himalang ginawa niya, nakinig silang mabuti sa kanyang sinasabi.

7Ang masasamang espiritu ay lumabas sa mga taong sinapian nila at sumisigaw habang lumalabas. Maraming lumpo at pilay ang pinagaling

8kaya't nagkaroon ng malaking kagalakan sa lungsod na iyon.

9Doo'y may isang lalaking ang pangalan ay Simon. Noong una, pinapahanga niya ang mga Samaritano sa pamamagitan ng salamangka. Ipinagmamalaki niya na siya'y isang dakilang tao,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10at pinapakinggan naman siya ng lahat, mula sa pinakamababa hanggang sa pinakamataas sa lipunan, “Ang lalaking ito ang kapangyarihan ng Diyos na tinatawag na Dakila,” sabi nila.

11Mahabang panahon ding sila'y pinahanga niya sa pamamagitan ng kanyang salamangka, kaya't siya'y patuloy na pinapakinggan nila.

12Ngunit nang sumampalataya sila nang ipangaral ni Felipe ang Magandang Balita tungkol sa kaharian ng Diyos at tungkol kay Jesu-Cristo, nagpabautismo ang mga lalaki't babae.

13Pati si Simon ay sumampalataya rin, at nang mabautismuhan ay patuloy siyang sumama kay Felipe. Humanga si Simon nang makita niya ang mga himala.

14Nang mabalitaan ng mga apostol sa Jerusalem na tinanggap ng mga Samaritano ang salita ng Diyos, isinugo nila roon sina Pedro at Juan.

15Pagdating doon, ipinanalangin ng dalawang apostol ang mga Samaritano upang sila'y tumanggap din ng Espiritu Santo,

16sapagkat hindi pa ito bumababa sa kaninuman sa kanila. Sila'y nabautismuhan pa lamang sa pangalan ng Panginoong Jesus.

17Ipinatong nina Pedro at Juan ang kanilang kamay sa mga Samaritano at tumanggap ang mga ito ng Espiritu Santo.

18Nakita ni Simon na ang Espiritu'y ipinagkakaloob sa pamamagitan ng pagpapatong ng kamay ng mga apostol, kaya't inalok niya ng salapi sina Pedro at Juan.

19“Bigyan din ninyo ako ng kapangyarihang ito upang ang sinumang patungan ko ng kamay ay tumanggap ng Espiritu Santo,” sabi niya.

20Sinagot siya ni Pedro, “Nawa'y mapapahamak ka kasama ng iyong salapi, sapagkat inakala mong mabibili ng salapi ang kaloob ng Diyos!

21Wala kang bahagi ni karapatan sa bagay na ito, sapagkat hindi tama ang iyong puso sa paningin ng Diyos.

22Pagsisihan mo ang kasamaan mong ito at manalangin ka sa Panginoon, na nawa'y patawarin ka niya sa iyong hangarin,

23dahil nakikita kong puno ka ng inggit at bilanggo ng kasalanan.”

24Sumagot si Simon, “Idalangin ninyo ako sa Panginoon, para hindi ko sapitin ang alinman sa mga sinabi ninyo!”

25Pagkatapos magpatotoo at mangaral ng salita ng Panginoon, bumalik sa Jerusalem sina Pedro at Juan. Ipinangaral nila ang Magandang Balita tungkol kay Cristo sa maraming nayon ng Samaria na kanilang dinaanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Si Felipe at ang Pinunong Taga-Etiopia

26Pagkatapos, sinabi ng isang anghel ng Panginoon kay Felipe, “Pumunta ka sa gawing timog sa daang mula sa Jerusalem papuntang Gaza.” Halos hindi na iyon dinadaanan ngayon.

27Pumunta nga doon si Felipe. Samantala, isang eunuko na pinunong taga-Etiopia, na ingat-yaman ng Candace, reyna ng Etiopia, ang nagtungo sa Jerusalem upang sumamba

28at pauwi na noon, nakasakay sa kanyang karwahe at nagbabasa ng aklat ni Propeta Isaias.

29“Sabayan mo ang sasakyang iyon,” utos ng Espiritu kay Felipe.

30Kaya patakbong lumapit si Felipe at narinig niyang binabasa ng pinuno ang aklat ni Propeta Isaias. Tinanong ni Felipe ang pinuno, “Nauunawaan ba ninyo ang inyong binabasa?”

31Sagot naman nito, “Paano ko mauunawaan ito kung walang magpapaliwanag sa akin?” At si Felipe ay inanyayahan niyang sumakay sa karwahe at umupo sa kanyang tabi.

32Ito ang bahagi ng kasulatang binabasa niya: “Siya ay tulad ng isang tupang dinadala sa katayan; tulad ng isang korderong hindi tumututol kahit na gupitan. At hindi umiimik kahit kaunti man.

33Siya'y hinamak at pinagkaitan ng katarungan. Walang sinumang makapagsasalaysay tungkol sa kanyang angkan, sapagkat kinitil nila ang kanyang buhay.”

34Nagtanong kay Felipe ang pinuno, “Sabihin mo nga sa akin, sino ba ang tinutukoy dito ng propeta? Sarili ba niya o iba?”

35Simula sa kasulatang ito ay isinalaysay sa kanya ni Felipe ang Magandang Balita tungkol kay Jesus.

36Nagpatuloy sila sa paglalakbay, at dumating sa isang lugar na may tubig.
Kaya't sinabi ng pinuno, “Tingnan mo, may tubig dito! Mayroon bang hadlang
upang ako'y bautismuhan?” [37Sinabi sa kanya ni Felipe, “Maaari, kung
sumasampalataya ka nang buong puso.” Sumagot ang pinuno,
“Sumasampalataya ako na si Jesu-Cristo ang Anak ng Diyos!”]

38Pinatigil ng pinuno ang karwahe, lumusong silang dalawa sa tubig at binautismuhan siya ni Felipe.

39Pagkaahon nila sa tubig, si Felipe ay kinuha ng Espiritu ng Panginoon at hindi na siya nakita pa ng pinuno. Ang pinuno ay tuwang-tuwang nagpatuloy sa paglalakbay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

40Namalayan na lamang ni Felipe na siya'y nasa Azoto. Mula roon, ipinangaral niya ang Magandang Balita tungkol kay Jesus sa lahat ng bayang dinaraanan niya hanggang sa marating niya ang Cesarea.

## Mga Gawa 9

### Ang Pagtawag kay Saulo

(Gw. 22:6-16; 26:12-18)

1Samantala, patuloy ang pagbabanta ni Saulo na maipapatay ang mga alagad ng Panginoon. Lumapit siya sa Pinakapunong Pari ng mga Judio

2at humingi ng mga sulat para sa mga sinagoga sa Damasco upang madakip niya at madala sa Jerusalem ang sinumang lalaki o babae na matagpuan niya roong kaanib sa Daan ng Panginoon.

3Naglakbay si Saulo papuntang Damasco, at nang siya'y malapit na sa lungsod, biglang kumislap sa paligid niya ang isang nakakasilaw na liwanag mula sa langit.

4Natumba siya sa lupa at narinig niya ang isang tinig na nagsasabi, “Saulo, Saulo! Bakit mo ako inuusig?”

5“Sino kayo, Panginoon?” tanong niya. “Ako si Jesus, ang iyong inuusig,” tugon ng tinig sa kanya.

6“Tumayo ka't pumasok sa lungsod, at doo'y sasabihin sa iyo kung ano ang dapat mong gawin.”

7Natigilan at hindi makapagsalita ang mga kasama ni Saulo nang marinig nila ang tinig ngunit wala naman silang makitang nagsasalita.

8Tumayo si Saulo at pagmulat niya ay hindi siya makakita, kaya't siya'y inakay ng mga kasama niya at dinala sa Damasco.

9Hindi siya nakakita sa loob ng tatlong araw at hindi rin siya kumain ni uminom.

10Sa Damasco ay may isang alagad na ang pangala'y Ananias. Tinawag siya ng Panginoon sa pamamagitan ng isang pangitain, “Ananias!” “Ano po iyon, Panginoon,” tugon niya.

11Sinabi ng Panginoon, “Pumunta ka sa kalyeng tinatawag na Tuwid, sa bahay ni Judas, at ipagtanong mo ang isang lalaking taga-Tarso na ang pangala'y Saulo. Siya'y nananalangin ngayon.

12[Sa isang pangitain], nakita ka niyang pumasok sa kinaroroonan niya at pinatungan mo siya ng kamay upang siya'y makakitang muli.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Sumagot si Ananias, “Panginoon, marami na po akong nabalitaan tungkol sa taong ito at sa mga kasamaang ginawa niya sa inyong mga hinirang sa Jerusalem.

14At naparito siya sa Damasco, taglay ang kapangyarihang galing sa mga punong pari ng mga Judio, upang dakpin ang lahat ng tumatawag sa iyong pangalan.”

15Ngunit sinabi sa kanya ng Panginoon, “Pumunta ka roon, sapagkat siya'y pinili ko upang ipakilala ang aking pangalan sa mga Hentil, sa mga hari, at sa mga anak ng Israel.

16Ipapakita ko sa kanya ang lahat ng dapat niyang tiisin alang-alang sa akin.”

17Pumunta nga si Ananias sa naturang bahay at pumasok dito. Ipinatong niya ang kanyang mga kamay kay Saulo at sinabi niya, “Kapatid na Saulo, pinapunta ako rito ng Panginoong Jesus na nagpakita sa iyo sa daan nang ikaw ay papunta rito. Isinugo niya ako upang muli kang makakita at upang mapuspos ka ng Espiritu Santo.”

18Noon di'y may nalaglag na tila mga kaliskis mula sa mga mata ni Saulo at nakakita siyang muli. Tumayo siya at nagpabautismo.

19Kumain siya at nagbalik ang kanyang lakas.

### Nangaral si Saulo sa Damasco

Si Saulo'y ilang araw na kasa-kasama ng mga alagad sa Damasco.

20At agad siyang nangaral sa mga sinagoga na si Jesus ang Anak ng Diyos.

21Nagtaka ang lahat ng nakarinig sa kanya. “Hindi ba ito ang dating umuusig doon sa Jerusalem sa mga tumatawag sa pangalan ni Jesus?” tanong nila. “Hindi ba't naparito nga siya upang sila'y dakpin at dalhing nakagapos sa mga punong pari?”

22Ngunit lalong naging makapangyarihan ang pangangaral ni Saulo at walang maisagot ang mga Judiong naninirahan sa Damasco sa kanyang pagpapatunay na si Jesus ang Cristo.

23Pagkaraan ng maraming araw, nagkaisa ang mga Judio na patayin si Saulo.

24Araw at gabi ay inaabangan nila si Saulo sa mga pintuang-bayan para patayin, ngunit nalaman niya ito.

25Kaya't isang gabi, inilagay siya ng kanyang mga alagad sa isang basket at ibinabâ sa kabila ng pader.

### Si Saulo sa Jerusalem

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Pagdating ni Saulo sa Jerusalem, sinikap niyang mapabilang sa mga alagad doon. Ngunit silang lahat ay takot sa kanya dahil hindi sila makapaniwalang isa na siyang alagad.

27Subalit dinala siya ni Bernabe sa mga apostol at isinalaysay nito sa kanila kung paano nagpakita at nakipag-usap ang Panginoon kay Saulo nang ito'y nasa daan papunta sa Damasco. Sinabi rin ni Bernabe na buong tapang na nangaral sa Damasco si Saulo sa pangalan ni Jesus.

28Kaya mula noon, si Saulo'y kasa-kasama na nila sa buong Jerusalem, at buong tapang na nangangaral doon sa pangalan ng Panginoon.

29Nakipag-usap din siya at nakipagtalo sa mga Helenista, kaya't tinangka nilang patayin siya.

30Nalaman ito ng mga kapatid kaya't inihatid nila si Saulo sa Cesarea at pinauwi sa Tarso.

31Kaya't ang iglesya sa buong Judea, Galilea at Samaria ay naging mapayapa at matatag. At patuloy silang namuhay na may takot sa Panginoon, at sa tulong ng Espiritu Santo ay lumago sila.

**Nagpunta si Pedro sa Lida at sa Joppa**

32Naglalakbay noon si Pedro sa mga bayan-bayan upang dalawin ang mga hinirang ng Panginoon. Pagdating niya sa Lida,

33natagpuan niya roon ang isang lalaking nagngangalang Eneas. Ito'y isang paralitiko at walong taon nang nakaratay.

34Sinabi ni Pedro sa kanya, “Eneas, pinapagaling ka ni Jesu-Cristo. Tumayo ka't iligpit mo ang iyong higaan!” At agad siyang tumayo.

35Nakita siya ng lahat ng naninirahan sa Lida at Saron, at sila'y sumunod sa Panginoon.

36Sa Joppa naman ay may isang alagad na babae na ang pangalan ay Tabita. Sa wikang Griego, ang kanyang pangalan ay Dorcas. Ginugol niya ang kanyang panahon sa paggawa ng kabutihan at pagkakawanggawa.

37Nang mga araw na iyon, nagkasakit siya at namatay. Nilinis ang kanyang bangkay at ibinurol ito sa silid sa itaas.

38Malapit lang sa Joppa ang Lida. Kaya't nang mabalitaan ng mga alagad na si Pedro ay nasa Lida, nagsugo sila ng dalawang lalaki upang siya'y pakiusapang pumunta agad sa Joppa.

39Sumama naman sa kanila si Pedro, at pagdating doon, dinala siya sa silid sa itaas. Kaagad lumapit sa kanya ang lahat ng mga biyuda; umiiyak sila at ipinapakita ang mga damit at mga balabal na ginawa ni Dorcas para sa kanila noong ito'y nabubuhay pa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

40Pinalabas ni Pedro ang lahat at siya'y lumuhod at nanalangin. Pagkatapos, humarap siya sa bangkay at sinabi, “Tabita, bumangon ka!” Dumilat si Tabita at naupo nang makita nito si Pedro.

41Hinawakan ni Pedro ang kanyang kamay at tinulungang bumangon. Pagkatapos, tinawag niya ang mga hinirang ng Panginoon at ang mga biyuda, at iniharap sa kanila si Dorcas na buháy na.

42Ang pangyayaring ito'y nabalita sa buong Joppa kaya't marami ang sumampalataya sa Panginoon.

43Maraming araw ding nanatili si Pedro sa Joppa, sa bahay ng isang tagapagbilad ng balat ng hayop na nagngangalang Simon.

## Mga Gawa 10

### Ang Pangitain ni Pedro

1Sa Cesarea ay may isang lalaking nagngangalang Cornelio. Isa siyang kapitan sa “Batalyong Italiano” ng hukbong Romano.

2Siya ay isang taong sumasamba at may takot sa Diyos, gayundin ang kanyang buong pamilya. Siya'y matulungin sa mga dukha at laging nananalangin sa Diyos.

3Minsan, nang bandang alas tres ng hapon, nagkaroon siya ng isang pangitain; kitang-kita niyang pumasok ang isang anghel ng Diyos at siya'y tinawag, “Cornelio.”

4Tumingin siya at takot na takot na nagtanong, “Ano po iyon?” Sumagot ang anghel, “Nasiyahan ang Diyos sa iyong mga dalangin at pagtulong mo sa mga dukha.

5Magsugo ka ngayon din ng ilang tao sa Joppa upang sunduin ang isang taong nagngangalang Simon, na tinatawag ding Pedro.

6Siya'y nanunuluyan sa bahay ni Simon na tagapagbilad ng balat ng hayop. Siya ay nakatira sa may tabing-dagat.”

7Pagkaalis ng anghel, tumawag si Cornelio ng dalawang utusan at isang debotong kawal, isa sa mga naglilingkod sa kanya.

8Isinalaysay niya sa kanila ang pangyayari; at pagkatapos, pinapunta sila sa Joppa.

9Kinabukasan, samantalang naglalakbay at malapit na sa Joppa ang mga inutusan ni Cornelio, si Pedro nama'y umakyat sa bubungan upang manalangin. Bandang tanghali na noon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Siya'y nagutom at gusto na niyang kumain. Ngunit habang naghihintay siyang maihanda ang pagkain, nagkaroon siya ng isang pangitain.

11Nabuksan ang langit at nakita niyang ibinababâ sa lupa ang isang parang malaking kumot na nakabitin sa apat na sulok.

12Naroon sa kumot ang lahat ng uri ng hayop, mga lumalakad, gumagapang, at lumilipad.

13Narinig niya ang isang tinig, “Pedro! Tumindig ka, magkatay ka at kumain.”

14Ngunit sumagot si Pedro, “Hindi ko po magagawa iyan, Panginoon! Kailanma'y hindi ako kumain ng anumang marumi o di karapat-dapat kainin.”

15Muli niyang narinig ang tinig, “Huwag mong ituring na marumi ang nilinis na ng Diyos.”

16Tatlong ulit na nangyari ito, at pagkatapos ay kaagad na iniakyat sa langit ang kumot na iyon.

17Habang pinag-iisipan ni Pedro kung ano ang kahulugan ng pangitaing iyon, dumating naman ang mga isinugo ni Cornelio. Ipinagtanong nila ang bahay ni Simon at noon ay nasa may pintuan na sila.

**Ang Kahulugan ng Pangitain**

18Itinanong nila kung doon nga nanunuluyan si Simon na tinatawag ding Pedro.

19Pinag-iisipan pa ni Pedro ang kahulugan ng pangitain nang sabihin sa kanya ng Espiritu, “Tingnan mo, may tatlong lalaking naghahanap sa iyo sa ibaba.

20Bumabâ ka't huwag mag-atubiling sumama sa kanila dahil ako ang nagsugo sa kanila.”

21Nanaog nga si Pedro at sinabi sa mga tao, “Ako ang hinahanap ninyo. Ano ba ang sadya ninyo?”

22Sumagot ang mga lalaki, “Pinapunta po kami dito ni Cornelio, isang kapitan ng hukbo. Siya'y isang mabuting tao, may takot sa Diyos, at iginagalang ng mga Judio. Sinabi sa kanya ng isang anghel na ipasundo kayo upang marinig niya ang sasabihin ninyo.”

23Pinatuloy sila ni Pedro at doon pinatulog nang gabing iyon. Kinabukasan, siya'y sumama sa kanila, gayundin ang ilang kapatid na taga-Joppa.

24Nang sumunod na araw, dumating sila sa Cesarea. Doo'y naghihintay na sa kanila si Cornelio, pati ang mga kamag-anak at malalapit na kaibigan na kanyang inanyayahan.

25Sinalubong ni Cornelio si Pedro, nagpatirapa sa harap nito at sinamba.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

26Ngunit sinabi ni Pedro, “Tumayo ka, ako'y tao ring tulad mo.”

27Patuloy silang nag-uusap habang pumapasok sa bahay, at nakita ni Pedro na maraming taong natitipon doon.

28Sinabi niya, “Alam naman ninyo na bawal sa isang Judio ang makihalubilo o dumalaw sa isang hindi Judio. Subalit ipinakita sa akin ng Diyos na hindi ko dapat ituring na marumi at di karapat-dapat pakitunguhan ang sinuman.

29Kaya't nang ipasundo ninyo ako, hindi ako nag-atubiling sumama. Nais kong malaman kung bakit ninyo ako ipinasundo.”

30Sumagot si Cornelio, “May apat na araw na ngayon ang nakakalipas, bandang alas tres din ng hapon, habang ako'y nananalangin dito sa aking bahay, biglang tumayo sa harap ko ang isang lalaking nakakasilaw ang kasuotan.

31“Sinabi niya, ‘Cornelio, nakarating sa Diyos ang iyong mga panalangin at nakita niya ang pagtulong mo sa dukha.

32Ipasundo mo sa Joppa si Simon Pedro. Nanunuluyan siya sa bahay ni Simon na tagapagbilad ng balat ng hayop. Siya ay nakatira sa tabing-dagat.’

33Kaya't kaagad akong nagsugo sa inyo ng ilang tao, at sa inyong kagandahang-loob ay pumarito kayo. Ngayon ay naririto kaming lahat sa harap ng Diyos upang pakinggan ang lahat ng ipinapasabi ng Panginoon.”

**Nangaral si Pedro**

34At nagsalita si Pedro, “Ngayon ko lubusang nauunawaan na walang itinatangi ang Diyos.

35Nalulugod siya sa sinumang may takot sa kanya at gumagawa ng matuwid, kahit tagasaan mang bansa.

36Ibinigay ng Diyos ang kanyang salita sa mga Israelita. Ipinahayag niya sa kanila ang Magandang Balita ng kapayapaan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, na siyang Panginoon ng lahat!

37Alam ninyo ang pangyayaring naganap sa buong lupain ng mga Judio, na nagsimula sa Galilea pagkatapos na ipangaral ni Juan ang mensahe tungkol sa bautismo.

38Alam ninyo ang tungkol kay Jesus na taga-Nazaret at kung paanong pinili siya ng Diyos at pinuspos ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan. Alam din ninyo na pumunta siya sa iba't ibang dako upang gumawa ng kabutihan sa mga tao at pagalingin ang lahat ng pinapahirapan ng diyablo. Nagawa niya ang mga ito sapagkat kasama niya ang Diyos.

39“Saksi kami sa lahat ng ginawa niya sa lupain ng mga Judio at sa Jerusalem. Siya'y pinatay nila; siya ay ipinako nila sa krus.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

40Ngunit siya'y muling binuhay ng Diyos sa ikatlong araw at hinayaang ipakita ang sarili,

41hindi sa lahat ng tao, kundi sa amin na mga pinili ng Diyos bilang mga saksi na nakasama niyang kumain at uminom pagkatapos na siya'y muling mabuhay.

42Inatasan niya kaming mangaral sa mga tao at magpatotoo na siya ang itinalaga ng Diyos na maging hukom ng mga buháy at mga patay.

43Siya ang tinutukoy ng mga propeta nang kanilang ipahayag na ang bawat sumampalataya sa kanya ay tatanggap ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang pangalan."

### Ipinagkaloob ang Espiritu Santo sa mga Hentil

44Nagsasalita pa si Pedro, nang bumabâ ang Espiritu Santo sa lahat ng mga nakikinig.

45Namangha ang mga mananampalatayang Judio na kasama ni Pedro sapagkat ibinigay din sa mga Hentil ang kaloob ng Espiritu Santo.

46Narinig nila ang mga ito na nagsasalita sa iba't ibang wika at nagpupuri sa Diyos. Kaya't sinabi ni Pedro,

47"Tulad natin, sila'y pinagkalooban din ng Espiritu Santo. Sino ang makakapagbawal na bautismuhan sila sa tubig?"

48At iniutos niyang bautismuhan sila sa pangalan ni Jesu-Cristo. Pagkatapos, hiniling nila kay Pedro na manatili pa roon nang ilang araw.

## Mga Gawa 11

### Ang Ulat ni Pedro sa Iglesya sa Jerusalem

1Nabalitaan ng mga apostol at ng mga kapatid sa buong Judea na may mga Hentil na tumanggap na rin sa salita ng Diyos.

2Kaya't nang si Pedro'y pumunta sa Jerusalem, tinuligsa siya ng mga kapatid na naniniwalang dapat tuliin ang mga Hentil.

3"Bakit ka pumasok sa bahay ng mga di-tuling Hentil at nakisalo pa sa kanila?" tanong nila.

4Kaya't isinalaysay sa kanila ni Pedro ang buong pangyayari.

5"Ako'y nasa lungsod ng Joppa at nananalangin nang magkaroon ako ng isang pangitain. Mula sa langit ay ibinabâ sa kinaroroonan ko ang isang tila malaking kumot na nakabitin sa apat na sulok.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Pinagmasdan ko itong mabuti at nakita ko roon ang iba't ibang uri ng hayop, lumalakad at gumagapang sa lupa, mababangis, at mga lumilipad.

7Pagkatapos ay narinig ko ang isang tinig na nag-utos, ‘Pedro, tumayo ka. Magkatay ka at kumain!’

8Subalit sumagot ako, ‘Hindi ko magagawa iyan, Panginoon. Hindi ako kumakain ng anumang marumi o di karapat-dapat kainin.’

9Muli kong narinig ang tinig mula sa langit, ‘Huwag mong ituring na marumi ang nilinis na ng Diyos!’

10Tatlong ulit na nangyari iyon, at pagkatapos ay hinila na pataas sa langit ang lahat ng iyon.

11“Nang sandali ring iyon, dumating sa bahay na tinutuluyan ko ang tatlong lalaking sinugo sa akin buhat sa Cesarea.

12Sinabi sa akin ng Espiritu na sumama ako sa kanila kahit sila'y mga Hentil. Sumama rin sa akin ang anim na kapatid na ito at pumasok kami sa bahay ni Cornelio.

13Isinalaysay niya sa amin na nakakita siya ng isang anghel na nakatayo sa loob ng kanyang bahay at sinabi raw sa kanya, ‘Magpadala ka ng mga sugo sa Joppa at ipasundo mo si Simon na tinatawag ding Pedro.

14Ipapahayag niya sa iyo ang mga salita na kinakailangan mo upang ikaw at ang iyong sambahayan ay maligtas.’

15“Nagsisimula pa lamang akong magsalita ay bumabâ na sa kanila ang Espiritu Santo gaya ng nangyari sa atin noong una.

16At naalala ko ang sinabi ng Panginoon, ‘Si Juan ay nagbabautismo sa tubig, ngunit babautismuhan kayo sa Espiritu Santo.’

17Kung binigyan sila ng Diyos ng kaloob na tulad ng ibinigay niya sa atin noong tayo'y manalig sa Panginoong Jesu-Cristo, sino ako para hadlangan ang Diyos?”

18Nang marinig nila ito, tumigil na sila ng pagtuligsa at sa halip ay nagpuri sa Diyos. Sabi nila, “Kung gayon, ang mga Hentil man ay binigyan din ng Diyos ng pagkakataong magsisi at tumalikod sa mga kasalanan upang mabuhay!”

### Ang Iglesya sa Antioquia

19May mga mananampalatayang nagkahiwa-hiwalay dahil sa pag-uusig na nagsimula noong patayin si Esteban, na nakarating sa Fenicia, sa Cyprus at sa Antioquia. Ipinapangaral nila ang salita, ngunit sa mga Judio lamang.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Subalit may kasama silang ilang mga taga-Cyprus at mga taga-Cirene na pagdating sa Antioquia ay ipinangaral din sa mga Griego ang Magandang Balita tungkol sa Panginoong Jesus.

[21]Nasa kanila ang kapangyarihan ng Panginoon, at maraming naniwala at sumunod sa Panginoong Jesus.

[22]Nang mabalitaan ito ng iglesya sa Jerusalem, isinugo nila sa Antioquia si Bernabe.

[23]Nang dumating siya roon at makita ang pagpapala ng Diyos sa kanila, siya'y nagalak at pinagpayuhan silang lahat na manatiling tapat sa Panginoon nang buong puso.

[24]Mabuting tao si Bernabe, puspos ng Espiritu Santo at ng pananampalataya sa Diyos. At marami pang tao ang sumampalataya sa Panginoon.

[25]Nagpunta si Bernabe sa Tarso upang hanapin si Saulo,

[26]at nang kanyang matagpuan ay isinama niya ito sa Antioquia. Isang taon silang nanatili roon na kasa-kasama ng iglesya, at nagtuturo sa maraming tao. Doon sa Antioquia unang tinawag na Cristiano ang mga tagasunod ni Jesus.

[27]Nang panahong iyon, dumating sa Antioquia ang ilang propeta mula sa Jerusalem.

[28]Tumayo ang isa sa kanila na ang pangala'y Agabo, at sa kapangyarihan ng Espiritu ay nagpahayag na magkakaroon ng matinding taggutom sa buong daigdig. Nangyari nga iyon noong kapanahunan ni Emperador Claudio.

[29]Napagpasyahan ng mga alagad na magpadala ng tulong sa mga kapatid na naninirahan sa Judea, ayon sa kakayanan ng bawat isa.

[30]Ganoon nga ang ginawa nila; ipinadala nila ang kanilang tulong sa mga matatandang namumuno sa iglesya sa pamamagitan nina Bernabe at Saulo.

## Mga Gawa 12

### Panibagong Pag-uusig

[1]Nang mga panahon ding iyon, sinimulang usigin ni Haring Herodes ang ilang kaanib ng iglesya.

[2]Ipinapatay niya sa pamamagitan ng tabak si Santiago na kapatid ni Juan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3At nang makita niyang ito'y ikinalugod ng mga Judio, si Pedro naman ang kanyang ipinadakip. Nangyari ito noong Pista ng Tinapay na Walang Pampaalsa.

4Pagkadakip kay Pedro, siya'y ikinulong at pinabantayan sa apat na pangkat ng tig-aapat na kawal. Ang balak ni Herodes ay iharap siya sa bayan pagkatapos ng Paskwa,

5kaya't nanatiling nakabilanggo si Pedro. Subalit ang iglesya ay taimtim na nanalangin sa Diyos para sa kanya.

### Pinalaya ng Anghel si Pedro

6Nang gabi bago iharap ni Herodes si Pedro sa bayan, natutulog ito sa pagitan ng dalawang kawal. Nakagapos siya ng dalawang tanikala at may mga bantay pa sa harap ng pinto ng bilangguan.

7Walang anu-ano'y lumitaw ang isang anghel ng Panginoon at nagliwanag sa silid-piitan. Tinapik nito si Pedro sa tagiliran at ginising. “Dali, bumangon ka,” sabi ng anghel. Nakalag ang mga tanikala sa mga kamay ni Pedro.

8“Magbihis ka't magsuot ng sandalyas,” sabi ng anghel, at ganoon nga ang kanyang ginawa. Sinabi pa sa kanya ng anghel, “Magbalabal ka't sumunod sa akin.”

9Lumabas at sumunod si Pedro sa anghel, ngunit hindi niya alam kung totoo nga ang nangyayaring iyon. Akala niya'y pangitain lamang iyon.

10Nakalampas sila sa una at pangalawang bantay at nakarating sa pintuang bakal na labasan papunta sa lungsod. Ito'y kusang bumukas at sila'y lumabas. Pagkaraan nila sa isang kalye, bigla siyang iniwan ng anghel.

11Noon natauhan si Pedro, kaya't sinabi niya, “Ngayon ko natiyak na totoo pala ang lahat! Isinugo ng Panginoon ang kanyang anghel at iniligtas ako sa kamay ni Herodes at sa inaasahan ng mga Judio na mangyari sa akin.”

12Nang maunawaan niya ang nangyari, nagpunta siya sa bahay ni Maria na ina ni Juan na tinatawag ding Marcos. Maraming nagkakatipon doon at nananalangin.

13Nang si Pedro ay kumatok sa pinto, lumapit si Roda na isang katulong upang tingnan kung sino iyon.

14Nakilala niya ang tinig ni Pedro, dahil sa tuwa ay tumakbo siyang papasok ng bahay nang hindi pa nabubuksan ang pinto, at sinabi sa lahat na si Pedro ay nasa pintuan.

15“Nahihibang ka!” sabi nila. Ngunit iginiit niyang naroroon nga si Pedro. Kaya't sinabi nila, “Anghel niya iyon!”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Samantala, patuloy na kumakatok si Pedro. Nang buksan nila ang pinto, nakita nga nila si Pedro at hindi sila makapaniwala.

17Sila ay sinenyasan niyang tumahimik. Pagkatapos, isinalaysay niya kung paano siya inilabas ng Panginoon mula sa bilangguan. “Sabihin ninyo ito kay Santiago at sa mga kapatid,” sabi pa niya. Pagkatapos, umalis siya at nagpunta sa ibang lugar.

18Kinaumagahan, gulung-gulo ang mga kawal dahil sa pagkawala ni Pedro, at hindi nila alam kung ano ang nangyari sa kanya.

19Ipinahanap ni Herodes si Pedro, at nang hindi matagpuan ay ipinasiyasat ang mga bantay at ipinapatay. Pagkatapos, umalis si Herodes sa Judea, pumunta sa Cesarea at nanatili roon.

### Ang Pagkamatay ni Herodes

20Matagal nang galit si Herodes sa mga taga-Tiro at mga taga-Sidon. Kaya't sama-samang lumapit sa kanya ang mga taga-Tiro at taga-Sidon upang makipagkasundo, sapagkat sa lupain ng hari nanggagaling ang ikinabubuhay ng kanilang bayan. Nakiusap sila kay Blasto, ang tagapamahala sa palasyo, upang sila'y samahan.

21Pagsapit ng takdang araw, si Herodes ay nagsuot ng damit-hari, umupo sa trono, at nagtalumpati.

22Sumigaw ang mga taong-bayan, “Isang diyos ang nagsasalita, hindi tao!”

23At noon din ay hinampas ng isang anghel ng Panginoon si Herodes, sapagkat inangkin niya ang karangalang nauukol sa Diyos; at siya'y kinain ng mga uod hanggang sa mamatay.

24Samantala, patuloy na lumago at lumaganap ang salita ng Diyos.

25Nang matapos nina Bernabe at Saulo ang kanilang tungkulin, bumalik sila sa Jerusalem kasama si Juan na tinatawag ding Marcos.

## Mga Gawa 13

### Ang Pagkasugo kina Bernabe at Saulo

1May mga propeta at mga guro sa iglesya sa Antioquia. Kabilang dito sina Bernabe, Simeon na tinatawag ding Maitim, Lucio na taga-Cirene, Manaen na kababata ni Herodes na pinuno ng Galilea at Saulo.

2Habang sila'y nag-aayuno at sumasamba sa Panginoon, sinabi sa kanila ng Espiritu Santo, “Ibukod ninyo sina Bernabe at Saulo. Sila'y pinili ko para sa tanging gawaing inilaan ko sa kanila.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[3]Pagkatapos nilang mag-ayuno at manalangin, ipinatong nila sa dalawa ang kanilang mga kamay at sila'y pinahayo na.

### Ang Pangangaral sa Cyprus

[4]Dahil isinugo ng Espiritu Santo, sina Bernabe at Saulo ay nagpunta sa Seleucia at buhat doo'y sumakay sila sa isang barkong papunta sa Cyprus.

[5]Nang dumating sila sa Salamina, ipinahayag nila ang salita ng Diyos sa mga sinagoga ng mga Judio roon. Katulong nila si Juan sa kanilang gawain.

[6]Nilibot nila ang buong pulo hanggang sa Pafos. Natagpuan nila roon ang isang salamangkerong Judio na isang huwad na propeta; Bar-Jesus ang kanyang pangalan.

[7]Kaibigan ito ni gobernador Sergio Paulo, isang lalaking matalino. Ipinatawag ng gobernador sina Bernabe at Saulo sapagkat nais niyang marinig ang salita ng Diyos.

[8]Ngunit sinalungat sila ng salamangkerong si Elimas (ito ang pangalan ni Bar-Jesus sa wikang Griego) upang hadlangan ang gobernador sa pananampalataya.

[9]Si Saulo, na tinatawag ring Pablo, na puspos ng Espiritu Santo ay tumitig kay Elimas

[10]at nagsabi, “Ikaw na anak ng diyablo! Kaaway ka ng lahat ng mabuti! Punô ka ng pandaraya at kasamaan! Hindi ka ba titigil sa pagbaluktot sa matuwid na landas ng Panginoon?

[11]Ngayon, paparusahan ka niya! Mabubulag ka at pansamantalang hindi ka makakakita ng liwanag.” Noon di'y naramdaman ni Elimas na parang tinakpan ng maitim na ulap ang kanyang mga mata, at siya'y naghanap ng taong aakay sa kanya.

[12]Sumampalataya ang gobernador nang makita ang nangyari, at humanga siya sa katuruan tungkol sa Panginoon.

### Sa Antioquia sa Pisidia

[13]Mula sa Pafos, naglayag sina Pablo hanggang sa Perga sa Pamfilia; humiwalay naman sa kanila si Juan at nagbalik sa Jerusalem.

[14]Mula sa Perga, nagpatuloy sila hanggang Antioquia sa Pisidia. Nang Araw ng Pamamahinga, pumasok sila sa sinagoga at naupo.

[15]Matapos basahin ang ilang bahagi ng mga aklat ng Kautusan at ng mga Propeta, nagpasabi sa kanila ang mga tagapamahala ng sinagoga, “Mga kapatid, kung mayroon kayong mensaheng makapagpapalakas ng loob ng mga tao, maaari kayong magsalita.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Kaya't tumayo si Pablo at sinenyasan silang tumahimik, “Mga Israelita, at kayong lahat na may takot sa Diyos, makinig kayo!

17Ang Diyos ng ating bansang Israel ang pumili sa ating mga ninuno. Sila'y ginawa niyang isang malaking bansa habang naninirahan pa sila sa lupain ng Egipto, at sila'y inilabas niya doon sa pamamagitan ng kanyang dakilang kapangyarihan.

18Sa loob ng apatnapung taon, sila ay pinagtiisan niya sa ilang.

19Nilipol niya ang pitong bansa sa lupain ng Canaan at ibinigay sa mga Israelita ang lupain bilang pamana.

20Naganap ang lahat ng ito sa loob ng halos apatnaraan at limampung taon. “Pagkatapos, sila'y binigyan niya ng mga hukom, hanggang sa panahon ng propetang si Samuel.

21Nang humingi sila ng hari, ibinigay sa kanila ng Diyos si Saul na anak ni Cis, isang lalaking mula sa lipi ni Benjamin. Naghari si Saul sa loob ng apatnapung taon.

22At nang siya'y alisin ng Diyos, si David naman ang pinili ng Diyos upang maghari sa kanila. Sinabi ng Diyos tungkol sa kanya, ‘Si David, na anak ni Jesse, ay isang lalaking aking kinalulugdan, na handang sumunod sa lahat ng nais ko.’

23“Sa angkan ng lalaking ito nagmula si Jesus, ang Tagapagligtas na ipinangako ng Diyos sa Israel.

24Bago siya dumating, nangaral si Juan sa buong Israel na dapat nilang pagsisihan at talikuran ang kanilang mga kasalanan, at magpabautismo.

25Nang matatapos na ni Juan ang kanyang gawain, sinabi niya sa mga tao, ‘Sino ba ako sa akala ninyo? Hindi ako ang Cristo. Ngunit siya'y darating na kasunod ko. At hindi ako karapat-dapat kahit magkalag man lamang ng kanyang sandalyas.’

26“Mga kapatid kong mula sa lahi ni Abraham, at mga taong may takot sa Diyos, tayo ang pinadalhan ng balitang ito tungkol sa kaligtasan.

27Hindi nakilala ng mga taga-Jerusalem at ng kanilang mga pinuno na si Jesus ang Tagapagligtas. Hindi rin nila naunawaan ang mga pahayag ng mga propeta, na binabasa nila tuwing Araw ng Pamamahinga. Ngunit sila na rin ang nagsakatuparan ng pahayag na iyon nang si Jesus ay hatulan nila ng kamatayan.

28Kahit na wala silang sapat na dahilan upang siya'y ipapatay, hiniling pa rin nila kay Pilato na siya'y hatulan ng kamatayan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29At nang matupad na nila ang lahat ng nasusulat tungkol sa kanya, siya ay ibinabâ nila sa krus at inilibing.

30“Subalit siya'y muling binuhay ng Diyos,

31at sa loob ng maraming araw, siya ay nagpakita sa mga sumama sa kanya sa Jerusalem mula sa Galilea. Ngayon, sila ang mga saksi niya sa mga Israelita.

32Ngayon ay dala namin sa inyo ang Magandang Balita, na ang pangako ng Diyos sa ating mga ninuno

33ay tinupad niya sa atin na kanilang mga anak, sa pamamagitan ng muling pagbuhay kay Jesus. Gaya ng nakasulat sa ikalawang Awit, ‘Ikaw ang aking Anak, sa araw na ito ako'y naging iyong Ama.’

34Tungkol naman sa kanyang muling pagkabuhay at di pagkabulok ng kanyang katawan ay sinabi ng Diyos, ‘Ipagkakaloob ko sa inyo ang mga banal at maaasahang pagpapala gaya ng ipinangako ko kay David.’

35At sinabi rin niya sa iba pang bahagi, ‘Hindi mo hahayaang makaranas ng pagkabulok ang iyong Banal.’

36Nang maisagawa na ni David ang kalooban ng Diyos para sa kanyang kapanahunan, siya'y namatay at inilibing sa piling ng kanyang mga ninuno, at siya'y dumanas ng pagkabulok.

37Subalit ang muling binuhay ng Diyos ay hindi dumanas ng pagkabulok.

38Dapat ninyong malaman, mga kapatid, na sa pamamagitan ni Jesus ay ipinangangaral sa inyo ang kapatawaran ng mga kasalanan.

39At ang lahat ng sumasampalataya sa kanya ay pinalalaya na sa lahat ng pagkakasala na mula sa mga ito ay hindi kayo kayang palayain ng Kautusan ni Moises.

40Kaya't mag-ingat kayo upang hindi mangyari sa inyo ang sinabi ng mga propeta,

41‘Tingnan ninyo, kayong mga nangungutya! Manggilalas kayo at mamatay! Sapagkat isasagawa ko sa inyong kapanahunan ang isang bagay na hindi ninyo paniniwalaan, kahit na may magpaliwanag pa nito sa inyo!’”

42Nang sina Pablo at Bernabe ay palabas na sa sinagoga, inanyayahan sila ng mga tao na magsalita muli tungkol sa mga bagay na ito sa susunod na Araw ng Pamamahinga.

43Pagkatapos ng pulong, sumunod kina Pablo at Bernabe ang maraming Judio at mga relihiyosong Hentil na nahikayat sa Judaismo. Nagsalita sa kanila ang mga apostol at pinangaralan silang magpatuloy sa pamumuhay nang nararapat ayon sa kagandahang-loob ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

44Nang sumunod na Araw ng Pamamahinga, halos lahat ng tao sa lungsod ay nagkatipon upang makinig sa salita ng Panginoon.

45Inggit na inggit naman ang mga Judio nang makita nila ang napakaraming tao, kaya't nilait nila at sinalungat si Pablo.

46Ngunit buong tapang na sinabi nina Pablo at Bernabe, “Sa inyo muna sana dapat ipahayag ang salita ng Diyos. Ngunit dahil itinatakwil ninyo ito, hinahatulan ninyo ang inyong sarili na kayo'y hindi karapat-dapat sa buhay na walang hanggan, kaya't sa mga Hentil na lang kami pupunta.

47Ganito ang iniutos sa amin ng Panginoon, ‘Inilagay kitang liwanag sa mga Hentil upang magdala ng kaligtasan hanggang sa dulo ng daigdig.’”

48Nang marinig ng mga Hentil ang mga salitang iyon, sila'y nagalak at nagpuri sa salita ng Panginoon, at sumampalataya ang lahat ng hinirang para sa buhay na walang hanggan.

49Kaya't lumaganap sa buong lupain ang salita ng Panginoon.

50Ngunit ang mga pinuno ng lungsod at ang mga debotong babae na kilala sa lipunan ay sinulsulan ng mga Judio upang usigin sina Pablo at Bernabe at palayasin sa lupaing iyon.

51Kaya't ipinagpag ng dalawa ang alikabok sa kanilang mga paa bilang saksi laban sa mga tagaroon, at sila'y nagpunta sa Iconio.

52Ang mga alagad naman sa Antioquia ay napuspos ng kagalakan at ng Espiritu Santo.

## Mga Gawa 14

### Sa Iconio

1Gayundin ang nangyari sa Iconio; sina Pablo at Bernabe ay pumasok sa sinagoga ng mga Judio. Napakahusay ng kanilang pangangaral kaya't maraming Judio at Griego ang sumampalataya.

2Gayunman, may ilang Judiong ayaw sumampalataya. Sinulsulan pa nila ang mga Hentil at nilason ang isip ng mga ito laban sa mga kapatid.

3Nanatili roon nang matagal sina Pablo at Bernabe, at buong tapang silang nangaral tungkol sa Panginoon. Pinatunayan ng Panginoon na totoo ang pangangaral nila tungkol sa kanyang kagandahang-loob sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng kapangyarihang gumawa ng mga himala.

4Kaya't nahati ang mga tao sa lungsod; may pumanig sa mga Judio at may pumanig din sa mga apostol.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Binalak ng ilang mga Hentil at mga Judio, kasama ng kanilang mga pinuno, na saktan at pagbabatuhin ang mga apostol.

6Subalit nang malaman iyon ng dalawa, sila'y tumakas papuntang Listra at Derbe na mga lungsod ng Licaonia, at sa mga karatig na lupain,

7at doon sila nangaral ng Magandang Balita.

**Sa Listra**

8Sa Listra ay may isang lalaking hindi nakakalakad dahil lumpo na ito mula pa nang ito'y isilang.

9Siya'y nakaupong nakikinig sa pangangaral ni Pablo. Nang makita ni Pablo na ang lumpo ay may pananampalatayang siya'y mapapagaling, tinitigan niya ang lumpo

10at malakas na sinabi, “Tumayo ka nang tuwid!” Lumukso ang lalaki at nagsimulang lumakad.

11Nang makita ng mga taong-bayan ang ginawa ni Pablo, sumigaw sila sa wikang Licaonia, “Nanaog sa atin ang mga diyos sa anyong tao!”

12Tinawag nilang Zeus si Bernabe, at si Pablo nama'y Hermes, sapagkat siya ang pangunahing tagapagsalita.

13Nasa bungad ng lungsod ang templo ni Zeus. Ang pari ni Zeus ay nagdala ng mga toro at mga kuwintas na bulaklak sa may pintuan ng lungsod. Nais ng pari at ng mga tao na maghandog sa mga apostol.

14Nang malaman ito ng mga apostol na sina Bernabe at Pablo, pinunit nila ang kanilang mga damit at patakbong pumagitna sa mga tao. Sumigaw sila,

15“Mga ginoo, huwag ninyong gawin iyan! Mga tao rin kaming tulad ninyo! Ipinapangaral namin sa inyo ang Magandang Balita upang talikuran ninyo ang mga walang kabuluhang bagay na iyan, at manumbalik kayo sa Diyos na buháy na lumikha ng langit, lupa, dagat, at lahat ng naroroon.

16Sa mga panahong nakalipas, hinayaan niyang gawin ng lahat ng bansa anuman ang kani-kanilang maibigan.

17Gayunman, nagbigay siya ng sapat na katibayan upang makilala ninyo siya sa pamamagitan ng kabutihang ginagawa niya sa inyo. Binibigyan niya kayo ng ulan mula sa langit at ng masaganang ani sa takdang panahon. Binubusog niya kayo ng pagkain at pinupuno ng kagalakan ang inyong mga puso.”

18Sa kabila ng mga pananalitang ito, nahirapan pa rin sina Bernabe at Pablo na pigilan ang mga tao na sila'y alayan ng mga handog.

19Ngunit may mga Judiong dumating doon mula sa Antioquia at Iconio. Sinulsulan nila ang mga taga-Listra laban kay Pablo, kaya't siya'y

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

pinagbabato nila. Pagkatapos, siya ay kinaladkad nila sa labas ng bayan, sa pag-aakalang siya'y patay na,

20subalit nang dumating ang mga alagad at palibutan siya, tumayo si Pablo at pumasok sa lungsod. Kinabukasan, nagpunta sila ni Bernabe sa Derbe.

**Ang Pagbabalik sa Antioquia**

21Ang Magandang Balita ay ipinangaral nina Pablo at Bernabe sa Derbe, at marami silang nahikayat na maging alagad. Pagkatapos, nagbalik sila sa Listra, Iconio, at Antioquia ng Pisidia.

22Pinalakas nila ang loob ng mga alagad at pinayuhang manatiling tapat sa pananampalataya. "Daranas muna tayo ng maraming kapighatian upang makapasok sa kaharian ng Diyos," sabi nila sa mga alagad.

23Sa bawat iglesya ay nagtalaga sila ng mga matatandang mamumuno, at matapos manalangin at mag-ayuno, ang mga ito'y itinagubilin nila sa Panginoon na kanilang pinagtitiwalaan.

24Tinahak nila ang Pisidia at nakarating sila sa Pamfilia.

25Ipinangaral nila sa Perga ang salita ng Diyos at pagkatapos ay tumuloy sila sa Atalia.

26Mula roon, naglayag silang pabalik sa Antioquia. Dito sila ipinagkatiwala sa pagkalinga ng Diyos para sa gawaing kanilang natapos na.

27Pagdating sa Antioquia tinipon nila ang mga kaanib sa iglesya at isinalaysay ang lahat ng ginawa ng Diyos sa pamamagitan nila, at kung paanong nagbukas siya ng pagkakataon sa mga Hentil upang ang mga ito'y sumampalataya rin.

28At matagal silang nanatili roon kasama ng mga alagad.

## Mga Gawa 15

**Ang Pagpupulong sa Jerusalem**

1May dumating doon na ilang taong mula sa Judea at nagturo sa mga kapatid, "Kapag hindi kayo nagpatuli ayon sa kaugaliang itinuturo ni Moises, hindi kayo maliligtas."

2Mahigpit itong tinutulan nina Pablo at Bernabe at naging mainitan ang kanilang pagtatalo. Kaya't napagpasyahang papuntahin sa Jerusalem sina Pablo at Bernabe at ilan pang kapatid na taga-Antioquia, upang ang suliraning ito ay isangguni sa mga apostol at sa matatandang pinuno ng iglesya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[3]Isinugo nga sila ng iglesya at pagdaan nila sa Fenicia at Samaria, ibinalita nila roon na marami nang mga Hentil ang nahikayat sa pananampalataya. Ito nama'y labis na ikinagalak ng mga kapatid.

[4]Pagdating nila sa Jerusalem, malugod silang tinanggap ng mga apostol, ng mga matatandang pinuno, at ng buong iglesya. Isinalaysay nila ang lahat ng ginawa ng Diyos sa pamamagitan nila.

[5]Ngunit tumayo naman ang ilang mananampalatayang kabilang sa pangkat ng mga Pariseo at kanilang sinabi, "Kailangang tuliin at utusang tumupad sa Kautusan ni Moises ang mga Hentil na sumasampalataya."

[6]Nagpulong ang mga apostol at ang matatandang namumuno sa iglesya upang pag-aralan ang suliraning ito.

[7]Pagkatapos ng mahabang pagtatalo, tumayo si Pedro at nagsalita, "Mga kapatid, nalalaman ninyo na noong mga nakaraang araw, hinirang ako ng Diyos upang mangaral ng Magandang Balita sa mga Hentil, at sila naman ay sumampalataya.

[8]Ang Diyos na nakakasaliksik ng puso ang nagpatotoo na sila'y tinatanggap niya nang ipagkaloob niya sa kanila ang Espiritu Santo tulad ng pagkakaloob niya sa atin.

[9]Walang pagkakaiba ang pagtingin ng Diyos sa kanila at sa atin; nilinis din niya ang kanilang puso sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya.

[10]Bakit sinusubok ninyo ang Diyos? Bakit ninyo iniaatang sa mga mananampalataya ang isang pasaning hindi nakayang dalhin ng ating mga ninuno at hindi rin natin kayang pasanin?

[11]Sumasampalataya tayo na tayo'y maliligtas sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Panginoong Jesus at gayundin sila."

[12]Tumahimik ang buong kapulungan at nakinig sila habang isinasalaysay nina Bernabe at Pablo ang mga himalang ginawa ng Diyos sa mga Hentil sa pamamagitan nila.

[13]Pagkatapos, si Santiago naman ang nagsalita, "Mga kapatid, makinig kayo sa akin.

[14]Katatapos pa lamang isalaysay ni Simon kung paano unang ipinamalas ng Diyos ang kanyang pagkalinga sa mga Hentil upang mula sa kanila ay may mga mapabilang sa kanyang bayan.

[15]Ito ay sumasang-ayon sa ipinahayag ng mga propeta, tulad ng nasusulat,

[16]'Pagkatapos nito ay babalik ako, at muli kong itatayo ang bumagsak na kaharian ni David. Muli ko itong ibabangon mula sa kanyang pagkaguho,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17upang ang Panginoon ay hanapin ng iba pang mga tao, ng lahat ng mga Hentil na tinawag ko upang maging akin.

18Ganoon ang sinabi ng Panginoon na nagpahayag ng mga bagay na ito mula pa noong una.'"

19Nagpatuloy si Santiago, "Kaya't ang pasya ko'y huwag nating pahirapan ang mga Hentil na lumalapit sa Diyos.

20Sa halip, sulatan natin sila na huwag kumain ng anumang inihandog sa diyus-diyosan, huwag makikiapid, at huwag kakain ng hayop [na binigti] at ng dugo.

21Sapagkat mula pa noong unang panahon, ang Kautusan ni Moises ay binabasa na sa mga sinagoga tuwing Araw ng Pamamahinga at ang aral niya ay itinuturo sa bawat bayan."

**Ang Sulat sa mga Hentil na Sumasampalataya**

22Kaya't minabuti ng mga apostol, ng matatandang pinuno ng iglesya, at ng buong iglesya na pumili ng ilan sa kanila upang suguin sa Antioquia, kasama nina Pablo at Bernabe. Ang mga napili nila ay si Judas na tinatawag na Barsabas at si Silas, na mga lalaking iginagalang ng mga kapatid.

23Ipinadala nila sa kanila ang sulat na ganito ang nilalaman: "Kaming mga apostol at ang matatandang pinuno ng iglesya, inyong mga kapatid, ay bumabati sa mga kapatid naming Hentil na nasa Antioquia, sa Siria at sa Cilicia.

24Nabalitaan naming ginugulo kayo ng ilang kasamahan naming galing dito, kahit na hindi namin sila inutusan. At binababagabag nila kayo sa pamamagitan ng kanilang itinuturo,

25kaya't napagkaisahan naming magpadala sa inyo ng mga sugo. Kasama sila ng ating minamahal na sina Bernabe at Pablo,

26mga taong hindi nag-atubiling itaya ang kanilang buhay sa paglilingkod sa ating Panginoong Jesu-Cristo.

27Isinugo namin sa inyo sina Judas at Silas upang ipaliwanag ang sinasabi sa sulat na ito.

28Sapagkat minabuti namin at ng Espiritu Santo na huwag na kayong atangan ng iba pang pasanin maliban sa mga bagay na ito na talagang kailangan:

29huwag kayong kakain ng anumang inihandog sa mga diyus-diyosan, ng dugo at ng hayop na binigti, at huwag kayong makikiapid. Layuan ninyo ang mga iyan para sa ikabubuti ninyo. Paalam."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30At pinalakad nila ang mga sugo. Pagdating sa Antioquia, tinipon ng mga ito ang mga kapatid at ibinigay ang sulat.

31Pagkabasa sa sulat, nagalak ang lahat dahil sa mensaheng nagpalakas ng kanilang loob.

32Sina Judas at Silas, na mga propeta rin, ay maraming itinuro sa mga kapatid na nakapagpasigla at nakapagpatibay ng kanilang pananampalataya.

33Ang dalawa'y tumigil doon nang kaunting panahon. Pagkatapos, sila'y pinabalik na taglay ang pagbati ng mga kapatid para sa mga nagsugo sa
kanila. [34Ngunit minabuti ni Silas ang manatili doon.]

35Subalit nanatili sina Pablo at Bernabe sa Antioquia, at kasama ng marami pang iba ay nagturo at nangaral ng salita ng Panginoon.

**Ang Paghihiwalay nina Pablo at Bernabe**

36Makalipas ang ilang araw, sinabi ni Pablo kay Bernabe, “Balikan natin at dalawin ang mga kapatid sa mga bayan kung saan tayo nangaral ng salita ng Panginoon at tingnan natin kung ano ang kalagayan nila.”

37Nais ni Bernabe na isama si Juan na tinatawag ding Marcos.

38Ngunit ayaw ni Pablo, sapagkat hindi ito nagpatuloy na sumama sa kanilang gawain, sa halip, ito'y humiwalay sa kanila sa Pamfilia.

39Nagkaroon sila ng mainitang pagtatalo kaya't naghiwalay sila. Isinama ni Bernabe si Marcos at naglayag sila papuntang Cyprus.

40Isinama naman ni Pablo si Silas at sila'y umalis, matapos silang ipagkatiwala ng mga kapatid sa pag-iingat ng Panginoon.

41Naglakbay sila sa Siria at Cilicia at pinatatag ang mga iglesya roon.

## Mga Gawa 16

**Sumama si Timoteo kina Pablo at Silas**

1Nagpunta rin si Pablo sa Derbe at sa Listra. May isang alagad doon na ang pangala'y Timoteo. Ang kanyang ina ay isang mananampalatayang Judio at ang kanyang ama nama'y isang Griego.

2Mataas ang pagtingin ng mga kapatid sa Listra at sa Iconio kay Timoteo.

3Ibig isama ni Pablo si Timoteo kaya't tinuli niya ito alang-alang sa mga Judio sa lungsod na iyon, dahil alam nilang lahat na ang kanyang ama ay isang Griego.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Sa bawat lungsod na kanilang dalawin, ipinaaalam nila sa mga kapatid ang pasya ng mga apostol at mga pinuno ng iglesya sa Jerusalem, at iniutos na sundin iyon.

5Kaya't tumibay sa pananampalataya ang mga kaanib ng mga iglesya, at araw-araw ay nadagdagan ang kanilang bilang.

**Ang Pangitain ni Pablo sa Troas**

6Sapagkat binawalan sila ng Espiritu Santo na mangaral sa lalawigan ng Asia, naglakbay sina Pablo sa lupain ng Frigia at Galacia.

7Pagdating sa hangganan ng Misia, papasok na sana sila sa Bitinia, subalit hindi sila pinahintulutan ng Espiritu ni Jesus.

8Kaya't dumaan sila ng Misia at nagpunta sa Troas.

9Kinagabihan, nagkaroon si Pablo ng isang pangitain; isang lalaking taga-Macedonia ang nakatayo at nakikiusap sa kanya, “Pumarito kayo sa Macedonia at tulungan ninyo kami.”

10Pagkatapos ng pangitaing ito, gumayak agad kami sapagkat natiyak naming kami'y tinatawag ng Diyos upang ipangaral sa Macedonia ang Magandang Balita.

**Sumampalataya si Lydia**

11Mula sa Troas, tuluy-tuloy kaming naglayag papuntang Samotracia, at kinabukasa'y sa Neapolis.

12Mula naman roo'y nagpunta kami sa Filipos, isang pangunahing lungsod na sakop ng mga Romano sa dakong iyon ng Macedonia. Nanatili kami roon nang ilang araw.

13At nang Araw ng Pamamahinga, lumabas kami ng lungsod at nagpunta sa tabing-ilog, sa pag-aakalang doon ay may pinagtitipunan ang mga Judio upang manalangin. Naupo kami at nakipag-usap sa mga babaing nagkakatipon doon.

14Kabilang sa mga nakikinig ang isang sumasamba sa Diyos na nagngangalang Lydia na taga-Tiatira; siya'y isang negosyante na nagtitinda ng mamahaling telang kulay ube. Binuksan ng Panginoon ang kanyang isip upang kanyang pakinggan ang ipinapangaral ni Pablo.

15Nagpabautismo siya at ang kanyang buong pamilya. Pagkatapos, sinabi niya, “Kung itinuturing po ninyo akong tunay na lingkod ng Panginoon, doon na kayo tumuloy sa amin.” Mahigpit ang kanyang anyaya kaya't hindi namin napahindian.

**Sa Bilangguan sa Filipos**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[16]Isang araw, nang kami'y papunta sa pook-dalanginan, nasalubong namin ang isang batang babaing alipin. Sinasapian siya ng masamang espiritu kaya siya nakakapanghula. Malaki ang kinikita ng kanyang mga amo dahil sa kanyang panghuhula.

[17]Sinundan-sundan niya kami nina Pablo, at sumisigaw ng ganito: “Ang mga taong ito'y lingkod ng Kataas-taasang Diyos! Ipinapahayag nila sa inyo kung paano kayo maliligtas!”

[18]Marami nang araw na ginagawa niya iyon kaya't nainis na si Pablo. Hinarap niya ang bata at sinabi sa espiritu, “Iniuutos ko sa iyo sa pangalan ni Jesu-Cristo, lumabas ka sa babaing iyan!” At noon di'y lumabas ang espiritu.

[19]Nang makita ng mga amo ng bata na nawala na ang kanilang pinagkakakitaan, sinunggaban nila sina Pablo at Silas, kinaladkad sa liwasang-bayan at iniharap sa mga maykapangyarihan.

[20]Iniharap sila sa mga pinuno ng lungsod at pinaratangan ng ganito: “Nanggugulo po sa lungsod ang mga Judiong ito.

[21]Nagtuturo sila ng mga kaugaliang labag sa kautusan nating mga Romano. Hindi natin maaaring sundin ang mga itinuturo nila.”

[22]Nakisali ang mga tao sa pananakit sa kanila, at pinahubaran sila ng mga pinuno at ipinahagupit.

[23]Pagkatapos hampasin nang paulit-ulit, sila'y ipinabilanggo at pinabantayang mabuti.

[24]Ipinasok sila ng bantay sa kaloob-looban ng bilangguan at inilagay ang kanilang mga paa sa pagitan ng dalawang mabibigat na kahoy.

[25]Nang maghahatinggabi na, sina Pablo at Silas ay nananalangin at umaawit ng mga himno sa Diyos, at nakikinig naman ang ibang mga bilanggo.

[26]Walang anu-ano'y lumindol nang malakas at nayanig pati ang mga pundasyon ng bilangguan. Biglang nabuksan ang mga pinto at nakalag ang mga tanikala ng lahat ng bilanggo.

[27]Nagising ang bantay ng bilangguan, at nang makita niyang bukás ang mga pinto, inakala niyang nakatakas ang mga bilanggo. Dahil dito'y binunot niya ang kanyang tabak at magpapakamatay na sana.

[28]Ngunit sumigaw si Pablo, “Huwag mong saktan ang iyong sarili! Narito kaming lahat!”

[29]Humingi ng ilaw ang bantay, patakbong pumasok at nanginginig na nagpatirapa sa harapan nina Pablo at Silas.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Sila ay inilabas niya at sinabi, “Mga ginoo, ano po ang dapat kong gawin upang ako'y maligtas?”

31Sumagot naman sila, “Sumampalataya ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sambahayan.”

32At ang salita ng Panginoon ay ipinahayag nila sa kanya at sa lahat ng nasa kanyang bahay.

33Nang oras ding iyon, hinugasan ng bantay ang kanilang mga sugat at siya'y nagpabautismo, pati ang buo niyang sambahayan.

34Pagkatapos, sila ay isinama niya sa kanyang tahanan at ipinaghanda ng pagkain. Masayang-masaya ang bantay at ang kanyang buong sambahayan, sapagkat sila'y sumampalataya sa Diyos.

35Kinaumagahan, inutusan ng mga pinuno ng lungsod ang mga kawal na palayain sina Pablo at Silas.

36Kaya't sinabi ng bantay ng bilangguan kay Pablo, “Iniutos po ng mga pinuno na palayain na kayo. Lumabas na kayo at umalis nang mapayapa.”

37Subalit sinabi ni Pablo sa mga kawal, “Ipinahagupit nila kami nang hayagan at ipinabilanggo nang hindi man lang nilitis gayong kami'y mga mamamayang Romano! At ngayo'y palihim nila kaming palalayain? Hindi maaari! Sila ang pumarito at magpalaya sa amin.”

38Ipinaalam ng mga kawal sa mga pinuno ng lungsod ang sinabi ni Pablo, at natakot ang mga iyon nang malamang sina Pablo at Silas pala ay mamamayang Romano.

39Kaya't sila'y pumunta sa bilangguan at humingi ng paumanhin sa dalawa. Inilabas nila sina Pablo at Silas at pinakiusapang lisanin ang lungsod.

40Pagkalabas ng bilangguan, sina Pablo at Silas ay nagtuloy sa bahay ni Lydia at dinatnan nila roon ang mga kapatid. Bago umalis ang dalawa, pinagbilinan nila ang mga kapatid na magpakatatag sa pananampalataya.

## Mga Gawa 17

### Sa Tesalonica

1Dumaan sina Pablo at Silas sa Amfipolis at Apolonia, hanggang sa makarating sa Tesalonica. Sa lungsod na ito'y may sinagoga ang mga Judio,

2at ayon sa kinaugalian ni Pablo, siya'y pumasok doon. Sa loob ng tatlong magkakasunod na Araw ng Pamamahinga, siya ay nakipagpaliwanagan sa kanila. Mula sa Kasulatan

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3ipinaliwanag niya at pinatunayan na kinailangang magdusa ang Cristo at muling mabuhay. Sinabi niya, “Ang Jesus na ito, na ipinapahayag ko sa inyo, ay ang Cristo!”

4Naniwala at nahikayat na sumama kina Pablo at Silas ang ilan sa kanila, gayundin ang maraming kababaihang kinikilala sa lungsod, at ang napakaraming debotong Griego.

5Ngunit nainggit ang mga Judio, kaya't tinipon nila ang mga palaboy sa lansangan at sila'y gumawa ng gulo sa lungsod. Nilusob nila ang bahay ni Jason at pilit na hinanap sina Pablo at Silas upang iharap sa bayan.

6Nang hindi nila matagpuan ang dalawa, kinaladkad nila si Jason at ilan sa mga kapatid at iniharap sa mga pinuno ng lungsod. Ganito ang kanilang sigaw: “Ang ating lungsod ay napasok ng mga taong nanggugulo kahit saan makarating,

7at sila'y pinatuloy ni Jason. Nilalabag nilang lahat ang mga batas ng Emperador. Sinasabi nilang may iba pang hari na ang pangala'y Jesus.”

8Kaya't nagulo ang taong-bayan at ang mga pinuno ng lungsod dahil sa sigawang ito.

9Si Jason at ang kanyang mga kasama'y pinagmulta ng mga pinuno bago pinalaya.

**Sa Berea**

10Nang gabi ring iyon ay pinapunta ng mga kapatid sina Pablo at Silas sa Berea. Pagdating doon, sila'y pumasok sa sinagoga ng mga Judio.

11Mas bukás ang isipan ng mga Judiong tagaroon kaysa sa mga Judiong taga-Tesalonica. May pananabik silang nakinig sa mga paliwanag ni Pablo, at sinaliksik nila araw-araw ang mga Kasulatan upang tingnan kung totoo nga ang sinasabi niya.

12Sumampalataya ang maraming Judio roon, gayundin ang mga Griego, pawang mga lalaki at mga babaing kilala sa lipunan.

13Subalit nang mabalitaan ng mga Judio sa Tesalonica na ipinapangaral din ni Pablo sa Berea ang salita ng Diyos, sila'y nagpunta roon at sinulsulan ang taong-bayan upang gumawa ng gulo.

14Kaya't si Pablo'y dali-daling pinaalis ng mga kapatid at pinapunta sa tabing-dagat. Ngunit naiwan sina Silas at Timoteo.

15Ang mga naghatid kay Pablo ay sumama sa kanya hanggang sa Atenas. Pagkatapos, nagbalik sila sa Berea taglay ang bilin ni Pablo kina Silas at Timoteo na sumunod sa kanya sa lalong madaling panahon.

**Sa Atenas**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Habang sina Silas at Timoteo'y hinihintay ni Pablo sa Atenas, napansin niyang puno ng mga diyus-diyosan ang lungsod kaya't nabagabag ang kanyang espiritu.

17Kaya't nakipagpaliwanagan siya sa loob ng mga sinagoga roon, sa mga Judio at sa mga Hentil na sumasamba sa Diyos, at sa sinumang makatagpo niya sa liwasang-bayan araw-araw.

18Nakipagtalo rin sa kanya ang ilang mga pilosopong Griego na mga Epicureo at Estoico. “Ano ba ang sinasabi sa atin ng nagmamarunong na iyan?” sabi ng ilan. Sabi naman ng iba, “Nangangaral yata tungkol sa ibang mga diyos.” Sinabi nila iyon dahil nangaral si Pablo tungkol kay Jesus at sa muling pagkabuhay.

19Siya'y isinama nila at iniharap sa kapulungan ng Areopago at tinanong, “Maaari bang malaman namin kung ano itong bagong aral na itinuturo mo?

20Bago sa aming pandinig ang sinasabi mo, kaya't nais naming malaman ang kahulugan nito.”

21Sapagkat walang ginagawa ang mga taga-Atenas at mga dayuhang naninirahan doon kundi ang mag-usap-usap at makinig tungkol sa mga bagong turo.

22Tumayo si Pablo sa harap ng kapulungan ng Areopago at nagsalita, “Mga taga-Atenas, napapansin kong kayo'y lubos na napaka-relihiyoso sa maraming bagay.

23Sapagkat sa paglalakad ko sa lungsod at pagmamasid sa inyong mga sinasamba, nakakita ako ng isang dambana na may nakasulat, ‘Sa Diyos na hindi kilala.’ Ang Diyos na inyong sinasamba kahit hindi ninyo nakikilala ang siya kong ipinapahayag sa inyo.

24Ang Diyos na gumawa ng sanlibutan at lahat ng naririto ay ang Panginoon ng langit at ng lupa, at hindi naninirahan sa mga templong ginawa ng tao.

25Hindi rin siya nangangailangan ng anumang tulong o paglilingkod ng tao, sapagkat siya mismo ang nagbibigay ng buhay, hininga at lahat ng bagay sa sangkatauhan.

26Mula sa isang tao'y nilikha niya ang lahat ng lahi sa buong mundo. Itinakda niya sa simula't simula pa ang kani-kanilang panahon at hangganan.

27Ginawa niya iyon upang hanapin nila ang Diyos; baka sakaling sa kanilang paghahanap, siya ay matagpuan nila. Ang totoo, hindi naman siya talagang malayo sa bawat isa sa atin;

28sapagkat, ‘Nakasalalay sa kanya ang ating buhay, pagkilos at pagkatao.’ Tulad ng sinabi ng ilan sa inyong mga makata, ‘Tayo nga'y mga anak niya.’

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29Sapagkat tayo'y mga anak ng Diyos, huwag nating akalain na ang kanyang pagka-Diyos ay mailalarawan ng ginto, pilak, o bato na pawang likha ng isip at gawa ng kamay ng tao.

30Sa mga nagdaang panahon ay pinalampas ng Diyos ang di pagkakilala sa kanya ng mga tao, ngunit ngayon ay iniuutos niya sa lahat ng tao sa bawat lugar na magsisi't talikuran ang kanilang masamang pamumuhay.

31Sapagkat itinakda na niya ang araw ng paghuhukom sa sanlibutan, at ito'y buong katarungan niyang gagawin sa pamamagitan ng isang tao na kanyang hinirang. Pinatunayan niya ito sa lahat nang muli niyang binuhay ang taong iyon."

32Nang marinig nila ang sinabi ni Pablo tungkol sa muling pagkabuhay, tinuya siya ng ilan. Sinabi naman ng iba, "Nais naming mapakinggan kang muli tungkol dito."

33At iniwan ni Pablo ang mga tao.

34May ilang sumama sa kanya at sumampalataya sa Diyos. Kabilang dito sina Dionisio na kaanib ng kapulungan ng Areopago, isang babaing nagngangalang Damaris, at mga iba pa.

## Mga Gawa 18

### Sa Corinto

1Pagkatapos, umalis si Pablo sa Atenas at nagpunta sa Corinto.

2Nakilala niya roon si Aquila, isang Judiong taga-Ponto. Kararating pa lamang nito mula sa Italia kasama ang kanyang asawang si Priscila. Umalis sila roon sapagkat pinalayas ni Emperador Claudio ang lahat ng Judio sa Roma. Nakipagkita sa kanila si Pablo,

3at dahil sila'y manggagawa ng tolda tulad niya, siya ay nakitira sa kanila, at siya'y nagtrabahong kasama nila.

4Tuwing Araw ng Pamamahinga, si Pablo ay nakikipagpaliwanagan sa mga sinagoga, at sinisikap niyang mahikayat sa pananampalataya ang lahat, maging Judio o Griego.

5Nang dumating sina Silas at Timoteo mula sa Macedonia, iniukol na ni Pablo ang buo niyang panahon sa pangangaral at pagpapatunay sa mga Judio na si Jesus ang Cristo.

6Nang siya'y salungatin at laitin ng mga ito, ipinagpag niya ang alikabok sa kanyang damit bilang babala sa kanila. Sinabi niya, "Kasalanan na ninyo

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

kung kayo'y mapahamak! Hindi ko na sagutin iyon! Mula ngayo'y sa mga Hentil na ako mangangaral.”

7Kaya't umalis siya roon at tumira sa bahay ni Ticio Justo, isang Hentil na may takot sa Diyos. Katabi ng sinagoga ang bahay nito.

8Si Crispo, na tagapamahala ng sinagoga, at ang kanyang sambahayan ay nanalig sa Panginoon. Marami pang mga taga-Corinto na nakinig kay Pablo ang sumampalataya at nagpabautismo.

9Isang gabi, sinabi ng Panginoon kay Pablo sa pamamagitan ng isang pangitain, “Huwag kang matakot! Ipagpatuloy mo ang iyong pangangaral! Anuman ang mangyari'y huwag kang titigil

10sapagkat ako'y nasa iyo. Hindi ka maaano sapagkat marami akong tagasunod sa lungsod na ito.”

11Kaya't nanatili siya roon at ipinangaral niya ang salita ng Diyos sa loob ng isang taon at kalahati.

12Subalit nang si Galio ay naging gobernador ng Acaya, nagsama-sama ang mga Judio sa pagdakip kay Pablo at pagdadala sa kanya sa hukuman.

13Pagdating nila doon ay sinabi nila, “Hinihikayat ng taong ito ang mga mamamayan na sumamba sa Diyos sa paraang labag sa batas!”

14Magsasalita na sana si Pablo nang sabihin ni Galio, “Kung ang usaping ito'y tungkol sa isang mabigat na pagkakasala o paglabag sa batas, makatuwirang pakinggan ko kayo.

15Subalit ang sakdal ninyo'y tungkol lamang sa mga salita at mga pangalan, at sa kautusan ninyong mga Judio, kaya kayo na ang bahalang lumutas niyan. Ayaw kong humatol sa bagay na iyan.”

16At sila'y pinalabas niya sa hukuman.

17Kaya't si Sostenes na tagapamahala ng sinagoga ang sinunggaban nila at binugbog sa harapan ng hukuman. Hindi naman iyon pinansin ni Galio.

### Ang Pagbabalik sa Antioquia

18Pagkatapos nito, matagal pang nanatili si Pablo sa Corinto at saka nagpaalam sa mga kapatid. Pagdating sa Cencrea, nagpagupit siya ng buhok sapagkat natupad na niya ang kanyang panata. Sumakay siya sa barkong papuntang Siria, kasama ang mag-asawang Priscila at Aquila.

19Pagdating sa Efeso, iniwan ni Pablo ang dalawa, at siya'y pumasok sa sinagoga ng mga Judio at nakipagpaliwanagan sa mga naroon.

20Hiniling nilang tumigil siya roon nang mahaba-habang panahon, ngunit siya'y tumanggi.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Sa halip, sinabi niya nang siya'y magpaalam sa kanila, “Babalik ako rito, kung loloobin ng Diyos.” Umalis siya sa Efeso, sakay ng isang barko.

22Pagdating sa Cesarea, pumunta siya sa Jerusalem at bumati sa iglesya. Pagkatapos, siya'y nagtuloy sa Antioquia.

23Tumigil siya roon nang kaunting panahon, at pagkatapos ay muling naglakbay. Pinuntahan niya ang mga bayan sa lupain ng Galacia at Frigia, at pinatatag sa pananampalataya ang mga alagad doon.

**Si Apolos sa Efeso at sa Corinto**

24Dumating sa Efeso ang isang Judiong nagngangalang Apolos. Siya'y taga-Alejandria, mahusay magtalumpati at maraming alam sa Banal na Kasulatan.

25Naturuan siya tungkol sa Daan ng Panginoon, at masigasig na nangangaral at nagtuturo nang wasto tungkol kay Jesus. Ngunit hanggang sa bautismo ni Juan lamang ang kanyang nalalaman.

26Siya'y buong tapang na nagsasalita sa sinagoga ng mga Judio. Nang marinig ng mag-asawang Aquila at Priscila ang pagpapaliwanag ni Apolos, siya'y isinama nila sa kanilang bahay at doo'y pinaliwanagan nang mas mabuti tungkol sa Daan ng Diyos.

27At nang ipasya niyang pumunta sa Acaya, pinalakas ng mga kapatid ang kanyang loob at sumulat sila sa mga mananampalataya sa Acaya na tanggapin si Apolos. Pagdating niya doon, malaki ang naitulong niya sa mga taong dahil sa kagandahang-loob ng Diyos ay sumampalataya,

28sapagkat nadaig niya ang mga Judio sa kanilang pagtatalo sa harap ng madla. Sa pamamagitan ng mga Kasulatan ay pinatunayan niyang si Jesus ang Cristo.

## Mga Gawa 19

**Si Pablo sa Efeso**

1Habang nasa Corinto si Apolos, tinahak naman ni Pablo ang iba't ibang dako ng lalawigan hanggang sa siya'y makarating sa Efeso. May natagpuan siya roon na ilang alagad

2at sila'y tinanong niya, “Tinanggap ba ninyo ang Espiritu Santo nang kayo'y sumampalataya?” “Hindi po, ni hindi namin narinig na may Espiritu Santo pala,” tugon nila.

3“Kung gayon, anong uri ng bautismo ang tinanggap ninyo?” tanong niya. “Bautismo ni Juan,” tugon nila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Kaya't sinabi ni Pablo, “Binautismuhan ni Juan ang mga nagsisi at
tumalikod sa kasalanan. Ipinangaral niya sa mga Israelita na sila'y
sumampalataya kay Jesus, ang dumarating na kasunod niya.”

5Nang marinig nila iyon, nagpabautismo sila sa pangalan ng Panginoong
Jesus.

6Nang ipatong ni Pablo ang kanyang kamay sa kanila, bumabâ sa kanila
ang Espiritu Santo at sila'y nagsalita ng iba't ibang wika at nagpahayag ng
mensahe mula sa Diyos.

7Humigit-kumulang sa labindalawang lalaki ang nagpabautismo.

8Sa loob ng tatlong buwan, si Pablo'y pumapasok sa sinagoga at buong
tapang na nagpapaliwanag sa mga naroon at hinihikayat sila tungkol sa
kaharian ng Diyos.

9Ngunit may ilan sa kanila na nagmatigas at ayaw sumampalataya, at
nagsalita pa ng masama laban sa Daan sa harap ng kapulungan. Kaya't
iniwan ni Pablo ang sinagoga kasama ang mga mananampalataya at
nagpatuloy ng kanyang pangangaral araw-araw sa bulwagan ni Tirano.

10Tumagal siya roon nang dalawang taon, kaya't ang lahat ng naninirahan
sa Asia, maging Judio o Griego ay nakarinig ng salita ng Panginoon.

**Ang mga Anak ni Esceva**

11Gumawa ang Diyos ng mga pambihirang himala sa pamamagitan ni Pablo.

12Kahit panyo o damit na kanyang ginamit ay dinala sa mga maysakit, at
gumaling ang mga ito at lumayas ang masasamang espiritung nagpapahirap
sa kanila.

13May ilang Judio roon na naglilibot at nagpapalayas ng masasamang
espiritu. Pinangahasan nilang gamitin ang pangalan ng Panginoong Jesus
sa pagpapalayas ng masasamang espiritu sa mga sinasapian ng mga ito.
Sinabi nila, “Sa pangalan ni Jesus na ipinapangaral ni Pablo, iniuutos ko sa
inyo, lumayas kayo.”

14Kabilang sa gumagawa nito ay ang pitong anak na lalaki ni Esceva, isang
pinakapunong pari ng mga Judio.

15Subalit sinagot sila ng masamang espiritu, “Kilala ko si Jesus at kilala ko
rin si Pablo, ngunit sino kayo?”

16At sila'y nilundag ng lalaking sinasapian ng masamang espiritu, tinalo
silang lahat at malubhang sinaktan, anupa't hubad at sugatan silang
tumakas sa bahay na iyon.

17Nabalitaan iyon ng lahat ng naninirahan sa Efeso, maging Judio o Hentil,
kaya't natakot silang lahat at pinuri ang pangalan ng Panginoong Jesus.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Marami sa mga sumampalataya ang dumating at nagpahayag ng mga dati nilang gawain.

19Marami sa mga dating gumagamit ng mahika ang nagtipon ng kanilang mga aklat at sinunog ang mga ito sa harap ng madla. Sa kabuuan, ang halaga ng mga ito ay umabot sa limampung libong salaping pilak.

20Sa ganitong makapangyarihang paraan ay lumaganap at nagtagumpay ang salita ng Panginoon.

**Ang Kaguluhan sa Efeso**

21Pagkatapos ng mga pangyayaring ito, sa patnubay ng Espiritu ay nagpasya si Pablo na maglakbay sa Macedonia at Acaya papuntang Jerusalem. “Kailangan ko ring pumunta sa Roma pagkagaling sa Jerusalem,” sabi niya.

22Pinauna niya sa Macedonia sina Timoteo at Erasto, dalawa sa kanyang mga kamanggagawa, at siya'y tumigil sa Asia nang kaunti pang panahon.

23Nang panahong iyon ay nagkaroon ng isang malaking kaguluhan dahil sa Daan ng Panginoon.

24May isang panday-pilak na nagngangalang Demetrio, na gumagawa ng maliliit na templong pilak ng kanilang diyosang si Artemis, at ito'y pinagkakakitaan nang malaki.

25Tinipon niya ang kanyang mga manggagawa at ang iba pang mga taong ganito rin ang hanapbuhay. Sinabi niya, “Mga kasama, alam ninyong sa gawaing ito nagmumula ang ating masaganang pamumuhay.

26Nakikita ninyo't naririnig kung ano ang ginagawa ng Pablong iyan. Sinasabi niyang ang mga diyos na ginawa ng kamay ng tao ay hindi raw diyos, at marami siyang napapaniwala, hindi lamang dito sa Efeso kundi sa buong Asia.

27Nanganganib na magkaroon ng masamang pangalan ang ating hanapbuhay. Hindi lang iyon, nanganganib din na ang templo ng dakilang diyosang si Artemis ay mawalan ng kabuluhan, at ang dakilang diyosa na sinasamba ng Asia at ng buong daigdig ay hindi na igagalang.”

28Pagkarinig nito, nagsiklab ang kanilang galit at sila'y nagsigawan, “Dakila si Artemis ng mga taga-Efeso!”

29Kaya't nagkagulo ang mga tao sa buong lungsod; sama-sama silang sumugod sa tanghalan at kinaladkad nila roon sina Gaius at Aristarco, mga taga-Macedoniang kasama ni Pablo sa paglalakbay.

30Nais sana ni Pablong humarap sa madla, ngunit hindi siya pinayagan ng mga kapatid.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

31Nagpasugo rin sa kanya ang ilang kaibigang mga pinuno sa lalawigang Asia. Mahigpit siyang pinakiusapang huwag pumunta sa tanghalan.

32Magulung-magulo ang kapulungan; may sumisigaw ng isang bagay, at ang iba'y iba naman. Hindi alam ng karamihan kung bakit sila nagkatipun-tipon doon.

33Inakala ng ilang naroon na si Alejandro ang dahilan sapagkat siya ang ibinungad ng mga Judio sa madla. Sumenyas si Alejandro sa mga tao na tumahimik upang siya'y makapagpaliwanag.

34Subalit nang makilala nilang siya'y isang Judio, sabay-sabay silang sumigaw sa loob ng dalawang oras, "Dakila si Artemis ng mga taga-Efeso!"

35Sa wakas ang mga tao'y napatahimik ng isang opisyal ng lungsod. At kanyang sinabi, "Mga taga-Efeso! Sino ang hindi nakakaalam na ang lungsod ng Efeso ang siyang tagapag-ingat ng templo ng dakilang Artemis at ng banal na batong nahulog mula sa langit?

36Hindi maaaring pabulaanan ninuman ang mga bagay na ito. Kaya't huminahon kayo! Huwag kayong magpabigla-bigla.

37Hindi naman nagnanakaw sa templo ang mga taong dinala ninyo rito. Hindi rin nila nilalait ang ating diyosa.

38Kung si Demetrio at ang mga manggagawang kasama niya ay may reklamo laban sa kaninuman, bukás ang mga hukuman, at may mga pinuno tayo. Doon sila magsakdal.

39Ngunit kung may iba pa kayong habol, maaaring pag-usapan iyan sa isang pagpupulong ng mga mamamayan na naaayon sa batas.

40Dahil sa nangyari ngayong araw na ito, maaaring maparatangan tayo na nanggugulo sa bayan, at wala tayong maibibigay na dahilan o katuwiran sa kaguluhang ito."

41Pagkatapos, pinauwi na niya ang mga tao.

## Mga Gawa 20

### Ang Pagpunta sa Macedonia at Grecia

1Nang tumigil na ang gulo, ipinatawag ni Pablo ang mga alagad at pinalakas ang kanilang loob. Pagkatapos, nagpaalam siya at nagpunta sa Macedonia.

2Dinalaw niya ang mga bayan-bayan doon at pinalakas ang loob ng mga alagad sa pamamagitan ng kanyang pangangaral. Nagpatuloy siya hanggang sa dumating siya sa Grecia

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3at nanatili doon sa loob ng tatlong buwan. Aalis na sana siya papuntang
Siria ngunit nabalitaan niyang may tangka ang mga Judio laban sa kanya,
kaya't ipinasya niyang sa Macedonia na uli magdaan sa kanyang
pagbabalik.

4Sumama sa kanya ang taga-Bereang si Sopater na anak ni Pirro, gayundin
sina Aristarco at Segundo na mga taga-Tesalonica, si Gaius na taga-Derbe,
si Timoteo, at sina Tiquico at Trofimo na mga taga-Asia.

5Nauna sila at naghintay sa amin doon sa Troas.

6Kami naman ay sumakay sa barko mula sa Filipos pagkaraan ng Pista ng
Tinapay na Walang Pampaalsa, at dumating kami sa Troas nang ikalimang
araw. Nanatili kami roon nang pitong araw.

**Huling Dalaw ni Pablo sa Troas**

7Nang unang araw ng sanlinggo, kami'y nagkatipon upang magpira-piraso
ng tinapay. Si Pablo'y nangaral sa kanila hanggang hatinggabi, sapagkat
aalis na siya kinabukasan.

8Maraming ilaw sa silid sa itaas na pinagtitipunan namin.

9Nakaupo sa bintana ang isang binata na ang pangala'y Eutico. Dahil sa
kahabaan ng pagsasalita ni Pablo, si Eutico ay inantok at nakatulog nang
mahimbing. Nahulog siya mula sa ikatlong palapag na kanyang
kinaroroonan, kaya't patay na siya nang buhatin.

10Nanaog si Pablo at niyakap ang binata. Sinabi niya, “Huwag kayong
mabahala, buháy siya!”

11Muling pumanhik si Pablo, nagpira-piraso ng tinapay at kumain.
Pagkatapos, nakipag-usap pa siya sa kanila nang matagal hanggang mag-
uumaga, at saka umalis.

12Ang binata naman ay buháy na iniuwi, at ito'y nagdulot sa kanila ng
malaking kaaliwan.

**Mula sa Troas Hanggang sa Mileto**

13Sumakay kami sa barkong papuntang Asos. Doon kami magkikita ni Pablo
ayon sa bilin niya sa amin, sapagkat nais niyang sa lupa magdaan papunta
roon at hindi sa dagat.

14Nang magkita kami sa Asos, sumakay siya sa barkong sinasakyan namin
at sama-sama kaming pumunta sa Mitilene.

15Mula roon, patuloy kaming naglakbay at kinabukasa'y dumating kami sa
tapat ng Quio. Nang sumunod na araw, dumaan kami sa Samos, at
makaraan ang isa pang araw ay dumating kami sa Mileto.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[16]Ipinasya ni Pablong lampasan ang Efeso upang huwag siyang maantala sa Asia, sapagkat ibig niyang nasa Jerusalem na siya sa araw ng Pentecostes.

### Ang Pamamaalam ni Pablo sa mga Pinuno ng Iglesya sa Efeso

[17]Mula sa Mileto, ipinatawag ni Pablo ang mga matatandang pinuno ng iglesyang nasa Efeso.

[18]Pagdating nila ay kanyang sinabi, "Nalalaman ninyo kung paano ko ginugol ang buong panahong ipinamalagi ko sa inyong piling, mula noong unang araw na ako'y tumuntong sa Asia.

[19]Buong kapakumbabaan at lumuluhang naglingkod ako sa Panginoon, at nagtiis ng maraming pagsubok dahil sa mga pagtatangka ng mga Judio.

[20]Sa aking pagtuturo at pangangaral sa inyo, maging sa harapan ng madla o sa bahay-bahay man, hindi ako nangiming magsabi sa inyo ng anumang ikabubuti ninyo.

[21]Maging Judio o Griego man ay pinangaralan kong tumalikod sa kasalanan, manumbalik sa Diyos at manalig sa ating Panginoong Jesus.

[22]Ngayon, bilang pagsunod sa Espiritu Santo, ako'y pupunta sa Jerusalem at hindi ko alam kung ano ang mangyayari sa akin doon.

[23]Ang tanging nalalaman ko ay ito: binalaan ako ng Espiritu Santo na pagkabilanggo at kapighatian ang naghihintay sa akin sa bawat bayang dadaanan ko.

[24]Subalit walang halaga sa akin ang aking buhay magawâ ko lamang ang aking tungkulin at matapos ang gawaing tinanggap ko mula sa Panginoong Jesus, ang pagpapahayag ng Magandang Balita tungkol sa kagandahang-loob ng Diyos para sa tao.

[25]"Nakisalamuha ako sa inyo habang nangangaral tungkol sa Kaharian. Ngayon, alam kong hindi na ninyo ako makikitang muli.

[26]Kaya't sa araw na ito'y sinasabi ko, wala akong pananagutan kung mapahamak ang sinuman sa inyo,

[27]sapagkat hindi ako nag-atubiling ipahayag sa inyo ang buong layunin ng Diyos.

[28]Ingatan ninyo ang inyong sarili at ang buong kawan, na inilagay ng Espiritu Santo sa inyong pangangasiwa. Pangalagaan ninyo ang iglesya ng Diyos na kanyang tinubos sa pamamagitan ng dugo ng kanyang Anak.

[29]Alam kong pagkaalis ko'y magsisipasok ang mababangis na asong-gubat at walang patawad nilang lalapain ang kawan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Mula na rin sa inyo'y may lilitaw na mga taong magsasalita ng kasinungalingan upang mahikayat na sumunod sa kanila ang mga alagad.

31Kaya't mag-ingat kayo. Alalahanin ninyong tinuruan ko kayo araw at gabi sa loob ng tatlong taon, at maraming luha ang pinuhunan ko.

32“At ngayo'y itinatagubilin ko kayo sa Diyos at sa kanyang salitang nagpapahayag ng kanyang kagandahang-loob. Ito ang makakapagpatibay sa inyo at makakapagbigay ng mga pagpapalang inilaan sa lahat ng kanyang ginawang banal.

33Hindi ko hinangad ang ginto, pilak o pananamit ninuman.

34Alam ninyong nagbanat ako ng buto upang kumita ng ikabubuhay naming magkakasama.

35Sa lahat ng pagkakataon, ipinakita ko sa inyo na sa pamamagitan ng ganitong pagtatrabaho ay dapat ninyong tulungan ang mahihina. Alalahanin natin ang mga salita ng Panginoong Jesus, ‘Higit na pinagpala ang nagbibigay kaysa tumatanggap.’”

36Pagkasabi nito, lumuhod si Pablo at nanalanging kasama nila.

37Silang lahat ay umiiyak na yumakap at humalik kay Pablo.

38Labis nilang ikinalungkot ang kanyang sinabing siya'y hindi na nila muling makikita. At siya'y inihatid nila sa barko.

## Mga Gawa 21

### Ang Pagpunta ni Pablo sa Jerusalem

1Pagkatapos naming magpaalam sa kanila, kami'y naglakbay papuntang Cos. Kinabukasan, dumating kami sa Rodas at mula roo'y nagpatuloy kami sa Patara.

2Dinatnan namin doon ang isang barkong papuntang Fenicia, kaya't lumipat kami sa nasabing sasakyan.

3Dumaan kami sa tapat ng Cyprus na natatanaw sa gawing kaliwa. Nagpatuloy kami papuntang Siria, ngunit huminto muna sa Tiro ang barko sapagkat magbababâ roon ng kargamento.

4Hinanap namin ang mga alagad na naroon at nakituloy kami sa kanila sa loob ng pitong araw. Sa patnubay ng Espiritu, sinabi nila kay Pablo na huwag pumunta sa Jerusalem.

5Nang dumating ang araw ng aming pag-alis, nagpatuloy kami sa paglalakbay. Kami ay inihatid nilang lahat, kasama ang kanilang mga

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

asawa't mga anak, hanggang sa labas ng lungsod. Pagdating sa tabing-dagat, lumuhod kaming lahat at nanalangin.

6Pagkatapos naming magpaalam, sumakay na kami sa barko, at sila'y nagsiuwi na.

7Mula sa Tiro, nagpatuloy kami ng paglalakbay at nakarating kami sa Tolemaida. Kinumusta namin ang mga kapatid at tumigil kami doon nang isang araw.

8Kinabukasan, tumuloy kami sa Cesarea sa bahay ng ebanghelistang si Felipe, isa sa pitong lalaking hinirang noong una sa Jerusalem.

9Siya'y may apat na anak na dalaga na pawang mga propeta.

10Makalipas ang ilang araw, dumating mula sa Judea ang isang propetang ang pangala'y Agabo.

11Pinuntahan niya kami, kinuha ang pamigkis ni Pablo at ginapos ang sariling paa at kamay. Sabi niya, "Ito ang sabi ng Espiritu Santo, 'Ganito gagapusin ng mga Judio sa Jerusalem ang may-ari ng pamigkis na ito, at siya'y ibibigay sa kamay ng mga Hentil.'"

12Pagkarinig nito, kami naman at ang mga tagaroon ay nakiusap kay Pablo na huwag na siyang pumunta sa Jerusalem.

13Ngunit sumagot siya, "Ano ang ginagawa ninyo? Sa pag-iyak ninyong iyan ay dinudurog ninyo ang aking puso. Handa ako, hindi lamang magpagapos, kundi kahit mamatay doon sa Jerusalem alang-alang sa pangalan ng Panginoong Jesus."

14Tumigil na kami nang hindi namin siya mapigilan. Nasabi na lamang namin, "Masunod ang kalooban ng Panginoon."

15Makalipas ang ilang araw, gumayak kami at umalis papuntang Jerusalem.

16Sumama sa amin ang ilan sa mga alagad na taga-Cesarea at dinala nila kami sa bahay ni Mnason na taga-Cyprus, kung saan kami makikituloy. Si Mnason ay matagal nang mananampalataya.

**Ang Pagdalaw ni Pablo kay Santiago**

17Pagdating sa Jerusalem, malugod kaming tinanggap ng mga kapatid.

18Kinabukasan, kami nina Pablo'y nakipagkita kay Santiago; naroon din ang mga matatandang pinuno ng iglesya.

19Binati ni Pablo ang mga naroon at isa-isa niyang isinalaysay ang mga bagay na ginawa ng Diyos sa mga Hentil sa pamamagitan ng kanyang paglilingkod.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

20Nang marinig nila ito, sila'y nagpuri sa Diyos at kanilang sinabi kay Pablo, “Alam mo, kapatid, may ilang libo na ang mga Judiong nananalig kay Jesus, at silang lahat ay masigasig sa pagtupad ng Kautusan.

21May nakapagbalita sa kanila na itinuturo mo raw sa lahat ng Judiong naninirahan sa mga bansang Hentil na tumalikod sa katuruan ni Moises. At sinasabi mo raw na huwag na nilang tuliin ang kanilang mga anak, ni sundin ang kaugalian ng mga Judio.

22Ano ngayon ang nararapat nating gawin? Tiyak na mababalitaan nilang dumating ka.

23Ito ang gawin mo. Mayroon ditong apat na lalaking may panata,

24isama mo sila at tuparin ninyo ang paglilinis ayon sa Kautusan. Ikaw na ang bahala sa magagastos, at nang sa gayon ay mapaahitan na nila ang kanilang ulo. Sa ganitong paraa'y malalaman ng lahat na hindi totoo ang balita tungkol sa iyo, kundi sumusunod ka pa rin sa Kautusan ni Moises.

25Tungkol naman sa mga mananampalatayang Hentil, nagpadala na kami ng liham sa kanila kung saan sinabi namin ang aming pasya. Sinabi naming huwag silang kakain ng anumang inihandog sa diyus-diyosan, huwag kakain ng dugo at ng hayop na binigti, at huwag makikiapid.”

26Kinabukasan, isinama nga ni Pablo ang mga lalaki at isinagawa nila ang seremonya ng paglilinis. Pagkatapos, siya'y pumasok sa Templo at ipinagbigay-alam kung kailan matatapos ang takdang panahon ng paglilinis upang maialay ang handog para sa bawat isa sa kanila.

**Ang Pagdakip kay Pablo**

27Nang matatapos na ang takdang pitong araw, si Pablo'y nakita sa Templo ng ilang Judiong taga-Asia. Sinunggaban nila si Pablo at inudyukan ang mga tao.

28“Mga kababayan, tulungan ninyo kami!” sigaw nila. “Ang taong ito ang nagtuturo sa lahat saan man siya makarating ng mga bagay laban sa bansang Israel, laban sa Kautusan ni Moises, at laban sa Templong ito. Bukod pa diyan, nagsama pa siya ng mga Hentil sa loob ng Templo, at nilapastangan niya ang banal na lugar na ito!”

29Ganoon ang sinabi nila sapagkat nakita nilang kasama ni Pablo sa lungsod si Trofimo na taga-Efeso. Inakala nilang isinama siya ni Pablo sa loob ng Templo.

30Nagulo ang buong lungsod, at dumagsa ang mga taong-bayan. Sinunggaban nila si Pablo at kinaladkad palabas sa Templo, at agad isinara ang pintuan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

31Balak nilang patayin si Pablo, ngunit nabalitaan ng pinuno ng mga sundalo na nagkakagulo sa buong Jerusalem.

32Kaya't nagsama agad ito ng mga opisyal at mga kawal, at dali-daling nagtungo sa kinaroroonan ng mga tao. Pagkakita sa kanila, itinigil ng mga tao ang pagbugbog kay Pablo.

33Lumapit ang pinuno, dinakip si Pablo at ipinagapos ng dalawang tanikala. “Sino ang taong ito? Ano ang kanyang ginawa?” tanong niya.

34Iba-iba ang isinisigaw ng mga tao. Dahil sa sobrang gulo ng mga tao, hindi maunawaan ng pinuno kung ano talaga ang nangyari, kaya't ipinadala niya si Pablo sa himpilan.

35Pagdating nila sa hagdanan, si Pablo'y binuhat na ng mga kawal sapagkat naging marahas ang mga tao

36na sumusunod sa kanila at sumisigaw, “Patayin siya!”

**Ang Pagtatanggol ni Pablo sa Sarili**

37Nang ipapasok na si Pablo sa himpilan, sinabi niya sa pinuno, “Maaari ko po ba kayong makausap?” “Marunong ka palang magsalita ng wikang Griego?” tugon ng pinuno.

38“Kung gayon, hindi ikaw ang Egipciong kailan lamang ay nanguna sa paghihimagsik at namuno sa apat na libong armadong lalaki sa ilang.”

39Sumagot si Pablo, “Ako po'y isang Judio, tubo sa Tarso ng Cilicia at mamamayan ng kilalang lungsod na iyon. Ipinapakiusap ko sa inyo na ako'y payagan ninyong makapagsalita sa mga tao.”

40Pinayagan naman siya ng pinuno, kaya't tumayo si Pablo sa baytang at sumenyas sa mga tao. At nang sila'y tumahimik, nagsalita si Pablo sa wikang Hebreo,

## Mga Gawa 22

1“Mga magulang at mga kapatid, pakinggan ninyo ang sasabihin ko ngayon bilang pagtatanggol sa aking sarili.”

2Nang siya'y marinig nilang nagsasalita sa wikang Hebreo, lalo silang tumahimik. Kaya't nagpatuloy si Pablo,

3“Ako'y isang Judiong ipinanganak sa Tarso, sa lalawigan ng Cilicia, ngunit lumaki rito sa Jerusalem. Ang aking guro ay si Gamaliel at buong higpit niya akong tinuruan sa Kautusan ng ating mga ninuno. Ako'y masugid na naglilingkod sa Diyos tulad ninyong lahat na naririto ngayon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Inusig ko at ipinapatay ang mga sumusunod sa Daang ito. Ipinagapos ko sila't ipinabilanggo, maging lalaki o maging babae.

5Makakapagpatotoo tungkol dito ang pinakapunong pari at ang buong kapulungan ng mga matatandang pinuno ng bayan. Binigyan pa nga nila ako ng mga sulat para sa mga Judio sa Damasco, kaya't pumunta ako roon upang dakpin ang mga kaanib ng Daang ito at dalhin sila dito sa Jerusalem nang nakagapos upang parusahan.”

**Isinalaysay ni Pablo Kung Paano Siya Sumampalataya**

(Gw. 9:1-19a; 26:12-18)

6“Nang malapit na ako sa Damasco, magtatanghaling-tapat noon, may biglang kumislap sa aking paligid na isang matinding liwanag mula sa langit.

7Bumagsak ako sa lupa at narinig ko ang isang tinig na nagsalita sa akin, ‘Saulo, Saulo! Bakit mo ako inuusig?’

8Ako'y sumagot, ‘Sino po kayo, Panginoon?’ ‘Ako ang iyong pinag-uusig na si Jesus na taga-Nazaret,’ tugon ng tinig.

9Nakita ng mga kasama ko ang liwanag, ngunit hindi nila narinig ang tinig na nagsasalita sa akin.

10‘Ano po ang gagawin ko, Panginoon?’ tanong ko. At tumugon ang Panginoon, ‘Tumayo ka at pumunta sa Damasco. Sasabihin sa iyo roon ang lahat ng itinakda na dapat mong gawin.’

11Nabulag ako dahil sa matinding liwanag na iyon, kaya't ako'y inakay na lamang ng mga kasama ko at dinala sa Damasco.

12“Doon ay nakatira si Ananias. Siya ay tapat na sumusunod sa Kautusan at iginagalang ng mga Judiong naninirahan doon.

13Pinuntahan niya ako, tumayo sa tabi ko at sinabi sa akin, ‘Kapatid na Saulo, makakita kang muli.’ Noon di'y nakakita akong muli at tumingin ako sa kanya,

14at sinabi niya sa akin, ‘Pinili ka ng Diyos ng ating mga ninuno upang malaman mo ang kanyang kalooban, makita ang kanyang Matuwid na Lingkod at marinig ang kanyang tinig.

15Sapagkat ikaw ay magiging saksi niya upang patotohanan sa lahat ng tao ang iyong nakita at narinig.

16At ngayon, ano pa ang hinihintay mo? Tumayo ka na, magpabautismo at tumawag ka sa kanyang pangalan upang mapatawad ka sa iyong mga kasalanan.’”

**Isinugo si Pablo sa mga Hentil**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

[17]“Nagbalik ako rito sa Jerusalem, at habang ako'y nananalangin sa Templo, nagkaroon ako ng isang pangitain.

[18]Nakita ko ang Panginoon na nagsasalita sa akin, ‘Madali ka! Lisanin mo agad ang Jerusalem sapagkat hindi tatanggapin ng mga tao rito ang iyong patotoo tungkol sa akin.’

[19]Sabi ko naman, ‘Panginoon, alam na alam nilang isa-isa kong pinuntahan ang mga sinagoga upang ipabilanggo at ipahagupit ang mga nananalig sa iyo.

[20]At nang patayin si Esteban na iyong saksi, ako ay naroon at sumang-ayon pa sa ginawa nila. Ako pa nga ang nagbantay sa mga balabal ng mga pumatay sa kanya.’

[21]Ngunit sinabi sa akin ng Panginoon, ‘Humayo ka, sapagkat isusugo kita sa malayo, sa mga Hentil.’”

[22]Hanggang sa mga sandaling iyon, ang mga tao'y nakikinig kay Pablo. Ngunit pagkarinig sa huli niyang sinabi, sila'y nagsigawan, “Patayin ang taong iyan! Hindi siya dapat mabuhay!”

[23]Patuloy sila sa pagsigaw, sa pagsaboy ng alikabok sa hangin at sa paghahagis ng kanilang mga balabal.

[24]Kaya't iniutos ng pinuno ng mga sundalo na dalhin si Pablo sa himpilan at hagupitin upang malaman kung bakit ganoon na lamang ang sigawan ng mga Judio laban sa kanya.

[25]Ngunit nang siya'y magapos na nila ng panaling balat, sinabi ni Pablo sa kapitang naroon, “Ipinapahintulot ba ng batas na hagupitin ang isang mamamayang Romano kahit wala pang hatol ang hukuman?”

[26]Nang marinig ito ng kapitan, pumunta siya sa pinuno at sinabi, “Ano ang gagawin mong iyan? Mamamayang Romano ang taong iyon!”

[27]Kaya't lumapit kay Pablo ang pinuno ng mga sundalo at siya'y tinanong, “Ikaw nga ba'y Romano?” “Opo,” sagot niya.

[28]Sinabi ng pinuno, “Malaki ang ibinayad ko para maging mamamayang Romano.” “Ngunit ako'y isinilang na mamamayang Romano,” sabi naman ni Pablo.

[29]Kaagad lumayo ang mga magsisiyasat sa kanya. Natakot din ang pinuno ng mga sundalo sapagkat ipinagapos niya si Pablo, gayong ito pala ay isang Romano.

### Si Pablo sa Harap ng Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio

[30]Nais matiyak ng pinuno kung ano nga ang paratang ng mga Judio laban kay Pablo. Kaya't kinabukasan, pinakalagan niya si Pablo, ipinatawag sa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

isang pulong ang mga punong pari at ang buong Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio, at iniharap si Pablo sa kanila.

## Mga Gawa 23

1Tumingin si Pablo sa kanila, at sinabi, “Mga kapatid, namumuhay akong malinis ang budhi sa harap ng Diyos hanggang sa araw na ito.”

2Pagkarinig nito'y iniutos ng pinakapunong pari na si Ananias sa mga taong nakatayo sa tabi ni Pablo na sampalin ito sa bibig.

3Sinabi ni Pablo, “Hahampasin ka ng Diyos, ikaw na mapagkunwari! Nakaluklok ka riyan upang hatulan ako ayon sa Kautusan, ngunit labag sa Kautusan ang ipasampal mo ako.”

4Sinabi ng mga nakatayo roon, “Nilalapastangan mo ang pinakapunong pari ng Diyos!”

5Sumagot si Pablo, “Mga kapatid, hindi ko alam na siya pala ang pinakapunong pari. Sapagkat nasusulat nga, ‘Huwag kang magsalita ng masama laban sa pinuno ng iyong bayan.’”

6Nang makita ni Pablo na may mga Saduseo at mga Pariseo sa kapulungan, sinabi niya nang malakas, “Mga kapatid, ako'y Pariseo, at anak ng mga Pariseo, at dahil sa pag-asa kong muling mabubuhay ang mga patay kaya ako'y nililitis ngayon.”

7Nang sabihin ito ni Pablo, nagtalu-talo ang mga Pariseo at ang mga Saduseo, at nahati ang kapulungan.

8Sapagkat naniniwala ang mga Saduseo na hindi na muling mabubuhay ang mga patay at walang anghel o espiritu. Subalit ang mga Pariseo nama'y naniniwala sa lahat ng ito.

9At lumakas ang kanilang sigawan. Tumayo ang ilan sa mga tagapagturo ng Kautusan na kapanig ng mga Pariseo at malakas na tumutol, “Wala kaming makitang pagkakasala sa taong ito. Anong malay natin, baka nga kinausap siya ng isang espiritu o isang anghel!”

10Naging mainitan ang kanilang pagtatalo, at natakot ang pinuno ng mga sundalo na baka magkaluray-luray si Pablo. Pinapanaog niya ang mga kawal, ipinakuha si Pablo at ipinapasok muli sa himpilan.

11Kinagabihan, nagpakita ang Panginoon kay Pablo at sinabi sa kanya, “Lakasan mo ang iyong loob! Kung paanong nagpatotoo ka tungkol sa akin dito sa Jerusalem, kailangang magpatotoo ka rin sa Roma.”

**Pinagtangkaan ang Buhay ni Pablo**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Kinaumagahan, nagkasundo ang mga Judio at ang bawat isa ay sumumpa na hindi kakain o iinom hangga't hindi nila napapatay si Pablo.

13Mahigit na apatnapung lalaki ang nanumpa ng ganoon.

14Pumunta sila sa mga punong pari at sa matatandang pinuno ng bayan, at sinabi nila, "Kami ay sumumpang hindi kakain at hindi iinom hangga't hindi namin napapatay si Pablo.

15Kaya, hilingin ninyo at ng Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio sa pinuno ng mga sundalo na dalhin muli rito si Pablo. Idahilan ninyong sisiyasatin ninyong mabuti ang kanyang kaso. At sa daan pa lamang ay papatayin na namin siya."

16Ang balak na ito'y nalaman ng lalaking anak ng kapatid na babae ni Pablo. Kaya't nagpunta ito sa himpilan at sinabi kay Pablo ang balak na pagpatay sa kanya.

17Tinawag naman ni Pablo ang isa sa mga kapitan at sinabi, "Samahan nga po ninyo ang binatilyong ito sa inyong pinuno sapagkat mayroon siyang gustong sabihin."

18Sinamahan nga ng kapitan ang binatilyo sa pinuno ng mga sundalo. Sinabi niya, "Tinawag po ako ng bilanggong si Pablo at pinasamahan sa inyo ang binatilyong ito, sapagkat may sasabihin daw siya sa inyo."

19Hinawakan ng pinuno sa kamay ang binatilyo, dinala sa isang tabi at tinanong, "Ano ba ang sasabihin mo sa akin?"

20Sumagot siya, "Pinagkasunduan po ng mga Judio na hilingin sa inyo na iharap si Pablo sa Kapulungan bukas at kunwari'y sisiyasatin nila siya nang mas mabuti.

21Ngunit huwag po kayong maniniwala. Tatambangan po siya ng mahigit sa apatnapung lalaki na nanumpang hindi kakain o iinom hangga't hindi nila napapatay si Pablo. Handang-handa na po sila ngayon at pasya na lamang ninyo ang hinihintay."

22"Huwag mong sasabihin kaninuman na ipinaalam mo ito sa akin," sabi ng pinuno ng mga sundalo. At pinauwi niya ang binatilyo.

### Ipinadala si Pablo kay Gobernador Felix

23Ang pinuno ay tumawag ng dalawang kapitan at sinabi sa mga ito, "Maghanda kayo ng dalawandaang sundalo at pitumpung kawal na nakakabayo at dalawandaang kawal na may sibat upang magtungo sa Cesarea ngayong alas nuwebe ng gabi.

24Maghanda rin kayo ng mga kabayong sasakyan ni Pablo at ihatid ninyo siya kay Gobernador Felix. Ingatan ninyo siyang mabuti!"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25At sumulat siya ng ganito,

26“Sa Kagalang-galang na Gobernador Felix, maligayang bati mula kay Claudio Lisias!

27Ang lalaking ito'y hinuli ng mga Judio at papatayin na sana. Nalaman kong siya'y isang mamamayang Romano, kaya't nagsama ako ng mga kawal at iniligtas siya.

28Sa hangad kong malaman kung ano ang sakdal laban sa kanya, pinaharap ko siya sa Kapulungan.

29Nalaman kong ang paratang sa kanya'y tungkol sa ilang usaping may kinalaman sa kanilang kautusan, at hindi sapat na dahilan upang siya'y ipapatay o ipabilanggo.

30At nang malaman kong siya'y pinagtatangkaang patayin ng mga Judio, agad ko siyang ipinadala sa inyo. Sinabi ko sa mga taong nagsasakdal na sa inyo sila magharap ng reklamo laban sa kanya.”

31Sinunod nga ng mga kawal ang utos sa kanila. Kinagabiha'y kinuha nila si Pablo at dinala sa Antipatris.

32Kinabukasan, nagbalik na sa himpilan ang mga kawal, at hinayaan ang mga sundalong nakakabayo na magpatuloy sa paglalakbay kasama si Pablo.

33Pagdating sa Cesarea iniharap nila si Pablo sa gobernador at ibinigay ang sulat na dala nila.

34Pagkabasa sa sulat, tinanong ng gobernador si Pablo kung saang lalawigan siya nagmula. At nang malamang siya'y taga-Cilicia,

35kanyang sinabi, “Diringgin ko ang kaso mo pagdating ng mga nagsasakdal sa iyo.” At pinabantayan niya si Pablo sa palasyo ng gobernador.

## Mga Gawa 24

### Ang Paratang ng mga Judio Laban kay Pablo

1Makalipas ang limang araw, dumating sa Cesarea ang pinakapunong pari na si Ananias, kasama ang ilang pinuno ng bayan at si Tertulo na isang abogado. Iniharap nila sa gobernador ang kanilang reklamo laban kay Pablo.

2At nang maiharap si Pablo, sinimulan ni Tertulo ang pagsalaysay ng mga paratang kay Pablo. Sinabi niya, “Kagalang-galang na Gobernador Felix, utang namin sa inyong mahusay na pamumuno ang kapayapaang matagal

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

na naming tinatamasa, gayundin ang mga pagbabago para sa ikauunlad ng aming bansa.

3Ito'y kinikilala naming utang na loob, at lubos namin kayong pinasasalamatan saanman at magpakailanman.

4Ngunit upang kayo ay huwag nang labis na maabala, mangyari lamang na kami'y pakinggan ninyong sandali.

5Natuklasan naming ang taong ito'y nanggugulo. Ginugulo niya ang mga Judio saan man siya magpunta, at siya'y isang pasimuno ng sekta ng mga Nazareno.

6Pati ang Templo namin ay tinangka niyang lapastanganin, kaya hinuli namin siya. [Hahatulan sana namin siya ayon sa aming kautusan,

7ngunit dumating si Lisias na pinuno ng mga sundalo, at marahas siyang inagaw sa amin.

8Ang sabi niya'y sa inyo namin isakdal ang taong ito.] Sa pagsisiyasat ninyo sa kanya, malalaman ninyo ang lahat ng paratang namin laban sa kanya."

9Nakiisa ang mga Judio kay Tertulo, at pinatotohanan ang lahat ng sinabi niya.

**Ang Pagtatanggol ni Pablo sa Harap ni Felix**

10Si Pablo ay sinenyasan ng gobernador upang magsalita, kaya't sinabi niya, "Kagalang-galang na Gobernador, nalalaman kong kayo'y matagal nang hukom sa bansang ito, kaya't ikinagagalak kong ipagtanggol ang aking sarili sa harap ninyo.

11Wala pang labindalawang araw mula nang ako'y dumating sa Jerusalem upang sumamba. Matitiyak ninyo iyan kung kayo'y magsisiyasat.

12Minsan man ay hindi nila ako nakitang nakikipagtalo kaninuman sa loob ng Templo, o gumagawa ng gulo sa sinagoga, o sa alinmang lugar sa lungsod.

13Wala silang maihaharap na katibayan sa kanilang mga paratang laban sa akin.

14Inaamin kong ang pagsamba ko sa Diyos ng aming mga ninuno ay ayon sa Daan na sinasabi nilang maling pananampalataya. Subalit naniniwala rin ako sa lahat ng nasusulat sa Kautusan at sa mga aklat ng mga propeta.

15Tulad nila, umaasa rin akong muling bubuhayin ng Diyos ang lahat ng tao, matuwid man o di-matuwid.

16Kaya't pinagsisikapan kong laging maging malinis ang aking budhi sa harap ng Diyos at ng tao.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17“Ilang taon akong nawala sa Jerusalem at nagbalik ako upang maghatid ng tulong sa mga kababayan ko at maghandog sa Diyos.

18Natapos ko nang tuparin ang paglilinis ayon sa Kautusan at nag-aalay ako ng aking handog nang datnan nila ako sa Templo. Walang maraming tao roon at wala namang gulo.

19Ang naroon ay ilang Judiong galing sa Asia—sila sana ang naparito upang magharap ng sakdal kung sila'y may nakitang anumang dapat iparatang laban sa akin.

20O kaya naman, magsabi ang mga taong naririto kung ano ang pagkakasalang nagawa ko nang ako'y iharap sa Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio.

21Gayunpaman, totoong isinigaw ko ito sa harap nila, ‘Dahil sa pag-asa kong muling mabubuhay ang mga patay, ako'y nililitis sa harapan ninyo ngayon.’”

22Si Felix ay may sapat na kaalaman tungkol sa Daan, kaya't ipinagpaliban muna niya ang paglilitis. Sinabi niya, “Hahatulan ko ang iyong kaso pagdating ng pinunong si Lisias.”

23Pagkatapos, iniutos niya sa kapitan na pabantayan si Pablo, subalit huwag hihigpitan kundi hayaang dalawin ng kanyang mga kaibigan upang mabigyan siya ng kanyang mga pangangailangan.

**Si Pablo sa Harap nina Felix at Drusila**

24Makaraan ang ilang araw, dumating si Felix, kasama ang asawa niyang si Drusila na isang Judio. Ipinatawag niya si Pablo at pinakinggan ang sinasabi nito tungkol sa pananalig kay Cristo Jesus.

25Ngunit nang magpatuloy si Pablo ng pagsasalita tungkol sa pagiging matuwid, pagpipigil sa sarili, at sa darating na paghuhukom, natakot si Felix. Kaya't sinabi niya, “Makakaalis ka na, ipapatawag kitang muli kapag may panahon na ako.”

26Malimit niyang ipatawag at kausapin si Pablo sa pag-asang susuhulan siya nito.

27Makaraan ang dalawang taon, si Felix ay napalitan ni Porcio Festo. Sa hangad ni Felix na bigyang-lugod ang mga Judio, hinayaan niyang manatili sa bilangguan si Pablo.

## Mga Gawa 25

**Naghabol si Pablo sa Emperador**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Dumating si Festo sa lalawigang pangangasiwaan niya at pagkaraan ng tatlong araw, pumunta siya sa Jerusalem mula sa Cesarea.

2Lumapit sa kanya ang mga punong pari at ang mga pinuno ng mga Judio, at idinulog ang kanilang reklamo laban kay Pablo.

3Dahil may balak silang tambangan at patayin si Pablo, nagmakaawa sila sa gobernador na ipatawag ito sa Jerusalem.

4Sumagot si Festo, “Si Pablo'y nakabilanggo sa Cesarea at babalik ako roon sa madaling panahon.

5Pasamahin ninyo sa akin ang inyong mga pinuno, kung totoong may kasalanan siya, saka ninyo siya isakdal.”

6Nagpalipas pa si Festo ng walo o sampung araw sa Jerusalem, saka bumalik sa Cesarea. Kinabukasan, umupo siya sa hukuman at nag-utos na iharap sa kanya si Pablo.

7Pagdating ni Pablo, pinaligiran siya ng mga Judiong galing sa Jerusalem. Nagharap sila ng maraming mabibigat na paratang laban sa kanya, ngunit hindi nila napatunayan ang mga iyon.

8Sinabi ni Pablo bilang pagtatanggol sa sarili, “Wala akong ginawang labag sa Kautusan ng mga Judio, ni laban sa Templo, o sa Emperador.”

9Nais ni Festo na pagbigyan ang mga Judio, kaya't tinanong niya si Pablo, “Nais mo bang pumunta sa Jerusalem upang doon kita litisin?”

10Sumagot si Pablo, “Naririto ako sa harap ng hukuman ng Emperador; dito ako dapat litisin. Wala akong nagawang pagkakasala sa mga Judio at iyan ay nalalaman ninyo.

11Kung ako ay lumabag sa batas o nakagawa ng anumang bagay na dahil dito'y dapat akong parusahan ng kamatayan, hindi ako tututol. Ngunit kung walang katotohanan ang mga paratang nila sa akin, hindi ako dapat ibigay sa kanila. Sa Emperador ako dudulog.”

12Sumangguni si Festo sa kanyang mga tagapayo, at pagkatapos ay sinabi, “Yamang sa Emperador mo gustong dumulog, sa Emperador ka pupunta.”

**Isinangguni ni Festo kay Agripa ang Kaso ni Pablo**

13Makalipas ang ilang araw, dumating sa Cesarea si Haring Agripa at si Bernice upang bumati kay Festo.

14Nang matagal-tagal na sila roon, isinalaysay ni Festo sa hari ang tungkol kay Pablo. Sinabi ni Festo kay Haring Agripa, “Si Felix ay may iniwan ditong isang bilanggo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Nang ako'y nasa Jerusalem, inireklamo ito sa akin ng mga punong pari at ng mga pinuno ng mga Judio at hininging parusahan siya.

16Sinagot ko silang hindi kaugaliang Romano ang magparusa sa sinumang inirereklamo hangga't hindi niya nakakaharap ang mga nagsasakdal sa kanya at naipagtatanggol ang kanyang sarili laban sa paratang.

17Kaya't nang dumating sila rito, hindi na ako nag-aksaya ng panahon; kinabukasan din, ipinatawag ko siya sa hukuman.

18Nang tumayo ang mga nagsasakdal, hindi nila siya pinaratangan ng anumang mabigat na pagkakasala na inaakala kong ipaparatang nila.

19Ang pinagtatalunan nila ay tungkol sa kanilang relihiyon at sa isang tao na ang pangala'y Jesus na patay na, ngunit iginigiit ni Pablo na buháy.

20Hindi ko alam kung paano sisiyasatin ang bagay na ito, kaya't tinanong ko si Pablo kung nais niyang sa Jerusalem siya litisin.

21Ngunit tumutol siya at hiniling na ipaubaya sa Emperador ang pagpapasya sa kanyang kaso. Dahil dito, pinabantayan ko siya upang ipadala sa Emperador."

22Sinabi ni Agripa kay Festo, "Gusto kong mapakinggan ang taong iyan."
"Mapapakinggan mo siya bukas," tugon naman ni Festo.

**Iniharap si Pablo kina Agripa at Bernice**

23Kinabukasan, dumating sina Agripa at Bernice, kasama ang matataas na punong kawal at ang mga tanyag na tao sa lungsod. Buong karangyaan silang pumasok sa bulwagan ng hukuman at iniutos ni Festo na si Pablo'y iharap sa kanila.

24Sinabi ni Festo, "Haring Agripa, at lahat ng naririto, narito po ang lalaking isinakdal sa akin ng mga Judio rito at sa Jerusalem. Ipinagsisigawan nilang hindi siya dapat mabuhay.

25Ngunit sa pagsisiyasat ko'y wala akong makitang dahilan upang parusahan siya ng kamatayan. Dahil nais niyang dumulog sa Emperador, ipinasya kong ipadala siya roon.

26Subalit wala akong tiyak na maisulat sa Emperador tungkol sa taong ito. Kaya iniharap ko siya sa inyo, lalung-lalo na sa iyo, Haring Agripa, upang may maisulat ako pagkatapos na siya'y masiyasat natin.

27Sa palagay ko'y hindi nararapat ipadala sa Emperador ang isang bilanggo nang hindi inilalahad ang mga reklamo laban sa kanya."

## Mga Gawa 26

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Nagtanggol si Pablo sa Harapan ni Agripa

1Sinabi ni Agripa kay Pablo, “Maaari ka nang magsalita para sa iyong sarili.” Iniunat ni Pablo ang kanyang kamay at nagsalita bilang pagtatanggol sa sarili:

2“Haring Agripa, itinuturing kong mapalad ako at sa harapan ninyo ako magtatanggol ng aking sarili laban sa lahat ng mga paratang ng mga Judio

3sapagkat lubos ninyong nababatid ang mga kaugalian at pagtatalo ng mga Judio. Kaya't hinihiling ko pong pagtiyagaan ninyo akong pakinggan.

4“Alam ng lahat ng Judio kung paano ako namuhay mula pa sa aking kamusmusan sa aking sariling bayan at sa Jerusalem.

5Matagal na nilang alam, at sila na ang makakapagpatotoo kung kanilang gugustuhin, na ako'y namuhay bilang kaanib ng pinakamahigpit na sekta ng aming relihiyon, ang sekta ng mga Pariseo.

6At ngayo'y nililitis ako dahil sa aking pag-asa sa pangako ng Diyos sa aming mga ninuno.

7Ang pangako ring iyan ang inaasahan ng aming labindalawang lipi kaya't sila'y taimtim na sumasamba sa Diyos gabi't araw. At dahil sa pag-asa ring ito, Haring Agripa, ako'y pinaparatangan ng mga Judio!

8Bakit hindi mapaniwalaan ng mga naririto na maaaring muling buhayin ng Diyos ang mga patay?

9“Akala ko rin noong una'y dapat kong gawin ang lahat ng aking magagawa laban sa pangalan ni Jesus na taga-Nazaret.

10At ganoon nga ang ginawa ko sa Jerusalem. Maraming Cristiano ang aking ipinabilanggo batay sa kapangyarihang ibinigay sa akin ng mga punong pari ng mga Judio. Isa rin ako sa mga humatol ng kamatayan sa kanila.

11Pinarusahan ko sila sa lahat ng mga sinagoga upang piliting talikuran ang kanilang pananampalataya. Sa tindi ng poot ko'y inusig ko sila kahit sa mga lungsod sa ibang bansa.”

### Isinalaysay ni Pablo Kung Paano Siya Sumampalataya

(Gw. 9:1-19a; 22:6-16)

12“Iyan ang layunin ng pagpunta ko sa Damasco, taglay ang kapangyarihan at pahintulot ng mga punong pari.

13Nang katanghaliang-tapat, habang kami'y naglalakbay, nakita ko, Haring Agripa, ang isang nakakasilaw na liwanag mula sa langit, ito'y maliwanag pa kaysa sa araw. Totoong nakakasilaw ang liwanag sa paligid naming magkakasama.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Kaming lahat ay natumba sa lupa, at narinig ko ang isang tinig na nagsabi sa akin sa wikang Hebreo, ‘Saulo, Saulo, bakit mo ako pinag-uusig? Sinasaktan mo ang iyong sarili sa ginagawa mong iyan. Para mong sinisipa ang matulis na bagay.’

15At itinanong ko, ‘Sino po kayo, Panginoon?’ At kanyang sinabi, ‘Ako'y si Jesus na iyong inuusig.

16Tumayo ka! Nagpakita ako sa iyo upang italaga ka bilang aking lingkod at magpatotoo tungkol sa mga nakita mo ngayon at sa mga ipapakita ko pa sa iyo.

17Ililigtas kita mula sa mga kababayan mong Judio at gayundin sa mga Hentil kung saan kita isusugo.

18Imumulat mo ang kanilang mga mata, ibabalik sila sa kaliwanagan mula sa kadiliman, ililigtas sila sa kapangyarihan ni Satanas at ibabalik sa Diyos. At sa pamamagitan ng pananampalataya nila sa akin, sila'y patatawarin sa kanilang mga kasalanan at mabibigyan ng lugar kasama ng mga taong ginawang banal ng Diyos.’”

**Isinalaysay ni Pablo ang Kanyang Paglilingkod**

19“Dahil dito, Haring Agripa, hindi po ako sumuway sa pangitaing mula sa langit.

20Nangaral ako, una sa Damasco, saka sa Jerusalem at sa buong lupain ng Judea, at gayundin sa mga Hentil. Ipinangaral kong dapat silang magsisi't tumalikod sa kanilang mga kasalanan, lumapit sa Diyos, at ipakita ang kanilang pagsisisi sa pamamagitan ng mga gawa.

21Dahil dito'y hinuli ako ng mga Judio habang ako'y nasa Templo, at pinagtangkaang patayin.

22Ngunit hanggang ngayo'y tinutulungan ako ng Diyos, kaya't nakatayo ako ngayon dito at nagpapatotoo tungkol sa kanya sa lahat ng tao, hamak man o dakila. Wala akong itinuturo kundi ang mga sinabi ng mga propeta at ni Moises,

23na ang Cristo ay kailangang magdusa, at siya ang unang mabuhay na muli upang magpahayag ng liwanag sa mga Judio at sa mga Hentil.”

24Habang nagsasalita pa si Pablo, malakas na sinabi ni Festo, “Nababaliw ka na, Pablo! Sa sobrang pag-aaral mo'y nasira na ang iyong ulo.”

25Ngunit sumagot si Pablo, “Hindi ako nababaliw, Kagalang-galang na Festo! Ang sinasabi ko'y mga salita ng katinuan at pawang katotohanan.

26Nalalaman po ninyo, Haring Agripa, ang tungkol sa mga bagay na ito, kaya malakas ang loob kong magsalita sa inyong harapan. Tiyak na hindi lingid sa inyo ang mga ito sapagkat hindi sa isang sulok lamang nangyari ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Haring Agripa, naniniwala ba kayo sa mga propeta? Alam kong naniniwala kayo!"

28Sinabi ni Agripa kay Pablo, "Sa palagay mo ba'y mahihikayat mo akong maging Cristiano sa loob ng maikling panahon?"

29Sumagot si Pablo, "Maging sa maikli o sa mahabang panahon, loobin nawa ng Diyos na hindi lamang kayo, kundi ang lahat ng nakakarinig sa akin ngayon ay maging kagaya ko, maliban sa mga tanikalang ito."

30Pagkatapos, tumayo ang hari, ang gobernador, si Bernice, at lahat ng kasama nila.

31Lumabas sila at nag-usap-usap, "Ang taong ito'y walang ginawang anumang nararapat sa hatol na kamatayan o pagkabilanggo."

32At sinabi pa ni Agripa kay Festo, "Kung hindi lamang niya hiniling na dumulog sa Emperador, maaari na sana siyang palayain."

## Mga Gawa 27

### Naglakbay si Pablo Papuntang Roma

1Nang mapagpasyahang dapat kaming maglayag papuntang Italia, si Pablo at ang ilan pang bilanggo ay ipinailalim sa pamamahala ni Julio, isang kapitan ng hukbong Romano na tinatawag na "Batalyon ng Emperador."

2Sumakay kami sa isang barkong galing sa Adramicio, papunta sa lalawigan ng Asia, at naglakbay kami kasama si Aristarco, na isang taga-Macedonia na nagmula sa Tesalonica.

3Kinabukasan, dumaong kami sa Sidon. Mabuti ang pakikitungo ni Julio kay Pablo; pinahintulutan niya itong makadalaw sa kanyang mga kaibigan upang matulungan siya sa kanyang mga pangangailangan.

4Mula roon ay naglakbay kaming muli, at dahil sa pasalungat ang hangin, kami'y namaybay sa gawing silangan ng Cyprus upang kumubli.

5Dumaan kami sa tapat ng Cilicia at Pamfilia, at kami'y dumating sa Mira, isang lungsod ng Licia.

6Ang kapitan ng mga sundalo ay nakakita roon ng isang barkong mula sa Alejandria papuntang Italia, at inilipat niya kami roon.

7Mabagal ang aming paglalakbay. Tumagal ito ng maraming araw, at nahirapan kami bago nakarating sa tapat ng Cinido. Buhat dito'y hindi namin matawid ang kalawakan ng dagat sapagkat pasalungat kami sa hangin. Kaya't nagpunta kami sa panig ng Creta na kubli sa hangin, sa tapat ng Salmone.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[8]Nahirapan kaming namaybay sa tabi hanggang sa marating namin ang pook na tinatawag na Mabuting Daungan na malapit sa bayan ng Lasea.

[9]Mahabang panahon na kaming naglalakbay. Mapanganib na ang magpatuloy dahil nakaraan na ang Araw ng Pag-aayuno, kaya't pinayuhan sila ni Pablo.

[10]Sabi niya, “Mga ginoo, sa tingin ko'y mapanganib na ang maglakbay mula ngayon, at mapipinsala ang mga kargamento at ang barko, at manganganib pati ang buhay natin.”

[11]Ngunit higit na pinahalagahan ng kapitan ng mga sundalo ang salita ng may-ari at kapitan ng barko kaysa sa payo ni Pablo.

[12]Dahil hindi mabuting tigilan ang daungang iyon kung panahon ng taglamig, minabuti ng nakararami na magpatuloy sila sa kanilang paglalakbay, sa pag-asang makarating sila sa Fenix at doon magpalipas ng taglamig. Ito'y isang daungan sa Creta, na nakaharap sa hilagang-kanluran at timog-kanluran.

**Ang Bagyo sa Dagat**

[13]Umihip nang marahan ang hangin buhat sa timog kaya't inakala nilang maaari na silang umalis. Isinampa nila ang angkla at sila'y namaybay sa Creta.

[14]Ngunit di nagtagal, bumugso mula sa pulo ang isang malakas na hangin na tinatawag na Hanging Hilagang-silangan.

[15]Hinampas nito ang barko, at dahil hindi kami makasalungat, nagpatangay na lamang kami sa hangin.

[16]Nang makakubli kami sa isang maliit na pulo na tinatawag na Cauda, naisampa namin ang bangka ng barko, ngunit nahirapan kami bago nagawa iyon.

[17]Nang maisampa na ito, tinalian nila ng malalaking lubid ang barko. Ngunit natakot silang sumadsad sa buhanginan ng Sirte, kaya't ibinabâ nila ang layag at kami'y nagpaanod na lamang.

[18]Patuloy na lumakas ang bagyo; kaya't kinabukasa'y sinimulan nilang itapon sa dagat ang mga kargamento.

[19]At nang sumunod na araw, itinapon din nila ang mga kagamitan ng barko.

[20]Matagal naming di nakita ang araw at ang mga bituin, at hindi rin humuhupa ang napakalakas na bagyo, kaya't nawalan na kami ng pag-asang makakaligtas pa.

[21]Dahil matagal nang hindi kumakain ang mga nasa barko, tumayo si Pablo at nagsalita, “Mga kasama, kung nakinig lamang kayo sa akin at di tayo umalis sa Creta, hindi sana natin inabot ang ganitong pinsala.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Ito ngayon ang payo ko, lakasan ninyo ang inyong loob sapagkat walang mamamatay isa man sa inyo! Kaya nga lamang, mawawasak ang barko.

23Nagpakita sa akin kagabi ang isang anghel ng Diyos, ang Diyos na nagmamay-ari sa akin at siya kong pinaglilingkuran.

24Sinabi niya sa akin, 'Huwag kang matakot, Pablo! Dapat kang humarap sa Emperador. Alang-alang sa iyo'y ililigtas ng Diyos ang lahat ng mga kasama mong naglalakbay.'

25Kaya, tibayan ninyo ang inyong loob, mga kasama! Nananalig ako sa Diyos na mangyayari ang lahat ayon sa sinabi niya sa akin.

26Kaya lamang, mapapadpad tayo sa isang pulo."

27Ikalabing-apat na gabi na noon na kami'y napapadpad sa gitna ng Dagat Mediteraneo. Nang maghahatinggabi na, napuna ng mga mandaragat na nalalapit na kami sa pampang.

28Gamit ang isang panaling may pabigat sa dulo, sinukat nila ang lalim ng tubig at nakitang may apatnapung metro ito. Pagsulong pa nila nang bahagya ay muli nilang sinukat, at nakitang may tatlumpung metro na lamang.

29Sa takot na sumadsad kami sa batuhan, inihulog nila ang apat na angkla sa hulihan ng barko at ipinanalanging mag-umaga na sana.

30Tinangka ng mga mandaragat na tumakas mula sa barko kaya't ibinabâ nila sa tubig ang bangka, at kunwari'y maghuhulog ng angkla sa unahan ng barko.

31Ngunit sinabi ni Pablo sa kapitan at sa mga sundalo, "Kapag hindi nanatili sa barko ang mga taong iyan, hindi kayo makakaligtas."

32Kaya't nilagot ng mga kawal ang lubid ng bangka at hinayaan itong mahulog.

33Nang mag-uumaga na, silang lahat ay hinimok ni Pablo upang kumain. "Labing-apat na araw na ngayong kayo'y hindi kumakain dahil sa pagkabalisa at paghihintay.

34Kumain na kayo! Kailangan ninyo ito upang kayo'y makaligtas. Hindi mapapahamak ang sinuman sa inyo!"

35At pagkasabi nito, kumuha siya ng tinapay, at sa harapan ng lahat ay nagpasalamat sa Diyos, pinagpira-piraso ang tinapay at kumain.

36Lumakas ang loob ng lahat at sila'y kumain din.

37Kaming lahat ay dalawang daan at pitumpu't anim na katao.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

38Nang mabusog sila, itinapon nila sa dagat ang kargang trigo upang gumaan ang barko.

### Ang Pagkawasak ng Barko

39Nang mag-umaga na, nakatanaw sila ng lupa, ngunit hindi nila alam kung anong lugar iyon. Napansin nila ang isang look na may dalampasigan, at binalak nilang igawi doon ang barko kung maaari.

40Kaya't pinutol nila ang tali ng mga angkla at iniwanan ang mga ito sa dagat. Kinalag din nila ang mga tali ng timon at itinaas ang layag sa unahan upang ang barko'y itulak ng hangin papunta sa dalampasigan.

41Ngunit nasadsad ang barko sa parteng mababaw. Bumaon ang unahan ng barko kaya't hindi makaalis. Samantala, ang hulihan naman ay nawasak dahil sa kahahampas ng malalakas na alon.

42Binalak ng mga kawal na patayin ang mga bilanggo upang walang makalangoy at makatakas.

43Subalit nais ng kapitan ng mga kawal na iligtas si Pablo kaya pinagbawalan nito ang mga kawal. Sa halip, pinatalon niya sa tubig ang lahat ng marunong lumangoy upang makarating sa pampang.

44Ang iba'y inutusan niyang sumunod na nakahawak sa mga tabla o piraso ng barko. At sa gayon, kaming lahat ay nakarating sa dalampasigan.

## Mga Gawa 28

### Sa Malta

1Nang makaligtas na kami, nalaman naming ang pulong iyon ay tinatawag na Malta.

2Napakabuti ng ipinakita sa amin ng mga tagaroon, sapagkat nang bumagsak ang ulan at naging maginaw, nagsiga sila at inasikaso kaming mabuti.

3Si Pablo nama'y namulot ng kahoy at nang mailagay ang mga iyon sa siga, mula roo'y lumabas ang isang ahas dahil sa init. Tinuklaw nito ang kamay ni Pablo.

4Nang makita ng mga tagaroon ang ahas na nakabitin sa kamay ni Pablo, nasabi nila sa isa't isa, “Tiyak na mamamatay-tao ang taong iyan. Nakaligtas nga siya sa dagat ngunit hindi naman ipinahintulot ng katarungan na siya'y mabuhay pa.”

5Subalit ipinagpag lamang ni Pablo sa apoy ang ahas at hindi siya naano.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Hinintay nilang mamaga si Pablo, o kaya'y biglang mabuwal at mamatay. Nang matagal na silang naghihintay at wala namang masamang nangyayari sa kanya, nagbago sila ng palagay. “Siya'y isang diyos,” sabi nila.

7Ang pinuno sa pulong iyon ay isang nagngangalang Publio, at malapit sa lugar na iyon ang kanyang lupain. Malugod niya kaming pinatuloy sa loob ng tatlong araw.

8Ang ama ni Publio ay nagkataong nakaratay noon dahil sa lagnat at disenterya, kaya't ito'y dinalaw ni Pablo. Pagkatapos manalangin, ipinatong ni Pablo ang kanyang kamay sa maysakit at ito'y gumaling.

9Dahil sa nangyaring ito, nagdatingan ang mga tagaroong may karamdaman, at sila'y pinagaling din ni Pablo.

10Binigyan nila kami ng maraming regalo, at nang paalis na kami ay binigyan pa nila kami ng aming mga kailangan sa paglalakbay.

### Mula sa Malta Papuntang Roma

11Tatlong buwan ang nagdaan bago kami nakaalis doon, sakay ng isang barkong nagpalipas din ng taglamig sa pulo. “Kambal na Diyos” ang pangalan ng barkong ito na nagmula sa Alejandria.

12Dumaong kami sa Siracusa at tumigil doon nang tatlong araw.

13Nagpatuloy kami ng paglalakbay at dumating sa Regio. Kinabukasa'y umihip ang hangin mula sa timog, at nakarating kami sa Puteoli sa loob lamang ng dalawang araw.

14May natagpuan kami roong mga kapatid at inanyayahan nila kaming tumigil doon nang isang linggo. Mula roo'y ipinagpatuloy namin ang huling bahagi ng aming paglalakbay hanggang makarating kami sa Roma.

15Nabalitaan ng mga kapatid sa Roma ang tungkol sa amin, kaya't pumunta sila sa Liwasang Apio at sa Tatlong Bahay-panuluyan upang kami'y salubungin. Nang makita sila ni Pablo, nagpasalamat siya sa Diyos, at lumakas ang kanyang loob.

### Sa Roma

16Pagdating namin sa Roma, si Pablo'y pinahintulutang manirahan sa isang bahay kasama ang isang kawal na magbabantay sa kanya.

17Makaraan ang tatlong araw, inanyayahan ni Pablo sa isang pulong ang mga pangunahing Judio sa lungsod. Nang magtipon na sila, sinabi niya, “Mga kapatid, kahit na ako'y walang ginawa laban sa ating bansa o sa mga kaugalian ng ating mga ninuno, hinuli ako sa Jerusalem at isinakdal sa pamahalaang Romano.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[18]Matapos akong litisin, ako sana'y palalayain na, sapagkat wala naman akong ginawang dapat parusahan ng kamatayan.

[19]Ngunit tumutol ang mga Judio kaya't napilitan akong dumulog sa Emperador. Gayunman, wala akong paratang laban sa aking mga kababayan.

[20]Nakagapos ako sa tanikalang ito dahil kay Jesus na siyang pag-asa ng Israel. Iyan ang dahilan kung bakit hiniling kong makausap kayo.”

[21]Sagot nila, “Wala kaming natatanggap na sulat buhat sa Judea tungkol sa iyo. At sa kababayan man nating naparito ay walang nagbabalita o nagsasalita ng anuman laban sa iyo.

[22]Gayunman, nais naming mapakinggan kung ano ang masasabi mo, sapagkat alam naming kahit saan ay marami ang sinasabi ng mga tao laban sa sektang ito.”

[23]Kaya't nagtakda sila ng araw. Marami ngang pumunta sa tinitirhan ni Pablo pagsapit ng araw na iyon. Maghapon siyang nagpaliwanag sa kanila at nagpatotoo tungkol sa kaharian ng Diyos. Sa pamamagitan ng Kautusan ni Moises at ng mga sinulat ng mga propeta, sinikap niyang hikayatin sila tungkol kay Jesus.

[24]May naniwala at mayroon din namang hindi naniwala sa kanyang sinabi.

[25]Kaya't nang hindi sila magkaisa, sila'y umalis matapos sabihin ni Pablo ang ganitong pangungusap, “Tama ang sinabi ng Espiritu Santo sa inyong mga ninuno sa pamamagitan ni Propeta Isaias,

[26]‘Pumunta ka sa mga taong ito at sabihin mo sa kanila, Makikinig kayo nang makikinig ngunit hindi kayo makakaunawa, at titingin kayo nang titingin ngunit hindi kayo makakakita.

[27]Sapagkat naging mapurol ang isip ng mga taong ito, tinakpan ang kanilang mga tainga, at ipinikit nila ang kanilang mga mata. Kung hindi, makakakita sana ang kanilang mga mata, makakarinig ang kanilang mga tainga, at makakaunawa ang kanilang mga pag-iisip. at magbabalik-loob sila sa akin, at sila'y aking pagagalingin, sabi ng Panginoon.’”

[28]Idinagdag pa ni Pablo, “Sinasabi ko sa inyo, ipinahayag na sa mga Hentil
ang kaligtasang ito na mula sa Diyos, at diringgin nila ito!” [[29]Matapos niyang
sabihin ito, ang mga Judio'y umalis at mahigpit na nagtalu-talo.]

[30]Nanirahan si Pablo sa Roma nang dalawang taon, sa bahay na kanyang inupahan, at tinanggap niya ang lahat ng pumupunta sa kanya.

[31]Siya'y buong tapang at malayang nangaral tungkol sa kaharian ng Diyos at sa Panginoong Jesu-Cristo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Taga-Roma

## Mga Taga-Roma 1

1Mula kay Pablo na isang lingkod ni Cristo Jesus, tinawag upang maging apostol at hinirang upang mangaral ng Magandang Balita ng Diyos.

2Ang Magandang Balitang ito na ipinangako niya noong una pa man sa pamamagitan ng mga propeta, at sinasabi sa mga Banal na Kasulatan,

3-4ay tungkol sa kanyang Anak, ang ating Panginoong Jesu-Cristo. Tungkol sa kanyang pagiging tao, siya'y ipinanganak mula sa lahi ni David; subalit tungkol sa kanyang pagka-Diyos, pinatunayan ng Banal na Espiritu na siya ay Anak ng Diyos sa pamamagitan ng isang makapangyarihang gawa, ang kanyang muling pagkabuhay.

5Sa pamamagitan niya, tinanggap namin mula sa Diyos ang kaloob na maging apostol alang-alang kay Cristo, upang ang mga Hentil ay akayin sa pagsunod na naaayon sa pananampalataya.

6Kayo'y kabilang sa mga tinawag na maging mga tagasunod ni Jesu-Cristo.

7Sa inyong lahat na nasa Roma, mga minamahal ng Diyos at tinawag upang maging banal, sumainyo nawa ang pagpapala at kapayapaang mula sa Diyos na ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo.

**Nais ni Pablo na Dumalaw sa Roma**

8Una sa lahat, nagpapasalamat ako sa aking Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo dahil sa inyong lahat, sapagkat ang inyong pananampalataya ay balitang-balita sa buong daigdig.

9Saksi ko ang Diyos, na pinaglilingkuran ko nang buong puso sa pamamagitan ng aking pangangaral ng Magandang Balita tungkol sa kanyang Anak, na lagi ko kayong idinadalangin.

10Lagi kong hinihiling na loobin nawa ng Diyos na sa wakas matuloy din ang pagpunta ko riyan.

11Nananabik akong makita kayo upang mamahagi sa inyo ng mga kaloob ng Espiritu sa ikatatatag ninyo.

12Ang ibig kong sabihi'y upang magkatulungan tayo sa ikalalakas ng bawat isa sa atin sa pamamagitan ng ating pananalig sa Diyos.

13Mga kapatid, nais kong malaman ninyo na ilang ulit ko nang binalak na pumunta riyan, ngunit laging may nagiging hadlang. Nais ko ring makahikayat diyan ng mga sasampalataya kay Cristo, tulad ng nagawa ko na sa ibang mga Hentil.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14May pananagutan ako sa lahat ng mga tao: sa mga sibilisado man o hindi, sa marurunong at sa mga mangmang.

15Kaya nga, nais ko ring ipangaral diyan sa Roma ang Magandang Balita.

**Ang Kapangyarihan ng Magandang Balita**

16Hindi ko ikinahihiya ang Magandang Balita, sapagkat ito ang kapangyarihan ng Diyos para sa kaligtasan ng bawat sumasampalataya, una'y sa mga Judio at gayundin sa mga Griego.

17Sapagkat sa Magandang Balita ay ipinapakita kung paano itinutuwid ng Diyos ang kaugnayan ng tao sa kanya. Ito ay sa pamamagitan ng pananampalataya buhat sa simula hanggang sa wakas. Tulad ng sinasabi sa Kasulatan, "Ang itinuring ng Diyos na matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya ay mabubuhay."

**Mga Kasalanan ng Sangkatauhan**

18Nahahayag mula sa langit ang poot ng Diyos laban sa lahat ng kalapastanganan at kasamaan ng mga taong dahil sa kanilang kasamaan ay hinahadlangan ang katotohanan.

19Sapagkat ang maaaring malaman tungkol sa Diyos ay maliwanag, dahil iyon ay ipinapahayag sa kanila ng Diyos.

20Mula pa nang likhain ng Diyos ang sanlibutan, ang kanyang likas na hindi nakikita, ang kanyang kapangyarihang walang hanggan at ang kanyang pagka-Diyos, ay maliwanag na inihahayag ng kanyang mga ginawa. Kaya't wala na silang maidadahilan pa.

21Kahit na kilala nila ang Diyos, siya'y hindi nila pinarangalan bilang Diyos, ni pinasalamatan man. Sa halip, naghaka-haka sila ng mga bagay na walang kabuluhan kaya't nagdilim ang hangal nilang pag-iisip.

22Sila'y nagmamarunong ngunit lumitaw na sila'y mga hangal.

23Tinalikuran nila ang kaluwalhatian ng Diyos na walang kamatayan, at ang sinamba nila'y mga larawan ng mga taong may kamatayan, ng mga ibon, ng mga hayop na lumalakad, at ng mga hayop na gumagapang.

24Kaya't hinayaan na sila ng Diyos sa kanilang maruruming pagnanasa hanggang sa hindi na nila mapigil ang paggawa ng kahalayan sa isa't isa.

25Tinalikuran nila ang katotohanan tungkol sa Diyos at pinalitan ng kasinungalingan. Sinamba nila at pinaglingkuran ang mga nilikha, sa halip na ang lumikha, na siyang dapat papurihan magpakailanman! Amen.

26Dahil dito'y hinayaan sila ng Diyos sa mahahalay na pagnanasa. Ayaw nang makipagtalik ng babae sa lalaki ayon sa likas na kaparaanan, at sa halip ay sa kapwa babae sila nakikipag-ugnayan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Ganoon din ang mga lalaki; ayaw na nilang makipagtalik sa mga babae ayon sa likas na kaparaanan, at sa kanilang kapwa lalaki sila nahuhumaling. Ginagawa nila ang mga kasuklam-suklam na bagay, kaya't sila'y paparusahan ng nararapat sa kanilang masasamang gawa.

28Dahil ayaw nilang kilalanin ang Diyos, hinayaan sila ng Diyos sa masasamang pag-iisip at sa mga gawaing kasuklam-suklam.

29Naging alipin sila ng lahat ng uri ng kasamaan, kabuktutan, kasakiman, maruruming pag-iisip, pagkainggit, pagpaslang, pagtatalo, pandaraya at masasamang hangarin. Sila'y naging mahilig sa tsismis,

30mapanirang puri, nasusuklam sa Diyos, walang pakundangan, mapagmataas, mayayabang, mapagkatha ng kasamaan, at suwail sa magulang.

31Sila'y naging mga hangal, mga taksil, mga walang puso, at di-marunong lumingap sa kapwa.

32Nalalaman nila ang utos ng Diyos na karapat-dapat sa parusang kamatayan ang mga gumagawa nito. Gayunman, hindi lamang patuloy sila sa paggawa nito kundi sumasang-ayon pa sila sa mga gumagawa rin ng mga ito.

## Mga Taga-Roma 2

### Matuwid ang Hatol ng Diyos

1Kaya nga, sino ka mang humahatol sa iba, wala kang maidadahilan. Sapagkat sa paghatol mo sa iba, hinahatulan mo rin ang iyong sarili, dahil ikaw na humahatol ay gumagawa rin ng ganoon.

2Nalalaman nating makatarungan ang hatol ng Diyos laban sa mga gumagawa ng mga iyon.

3Hinahatulan mo ang mga gumagawa ng mga bagay na ginagawa mo rin. Akala mo ba'y makakaiwas ka sa hatol ng Diyos?

4O hinahamak mo ang Diyos, sapagkat siya'y napakabait, matiisin, at mapagpasensya? Hindi mo ba alam na ang kabutihan ng Diyos ang umaakay sa iyo upang magsisi at tumalikod sa kasalanan?

5Ngunit dahil matigas ang iyong ulo at ayaw mong magsisi, lalo mong pinapabigat ang parusang igagawad sa iyo sa Araw na iyon, kung kailan ihahayag ang poot at makatarungang paghatol ng Diyos.

6Sapagkat igagawad niya sa lahat ng tao ang naaayon sa kanilang mga ginawa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

7Buhay na walang hanggan ang ibibigay niya sa mga taong nagpapatuloy sa paggawa ng mabuti, at naghahangad ng karangalan, kadakilaan at kawalang kamatayan.

8Ngunit matinding galit at poot ang sasapitin ng mga taong makasarili at ayaw sumunod sa katotohanan kundi sumusunod sa kasamaan.

9Paghihirap at kapighatian ang daranasin ng bawat gumagawa ng masama, una ang mga Judio at gayundin ang mga Hentil.

10Ngunit kapurihan, karangalan at kapayapaan naman ang tatamuhin ng bawat gumagawa ng mabuti, una ang mga Judio at gayundin ang mga Hentil

11sapagkat walang kinikilingan ang Diyos.

12Ang mga Hentil ay walang Kautusan ni Moises. Sila ay nagkakasala at paparusahan nang hindi batay sa Kautusan. Ang mga Judio ay mayroong Kautusan. Sila ay nagkakasala at hahatulan batay sa Kautusan.

13Sapagkat hindi ang mga nakikinig sa Kautusan, kundi ang sumusunod dito, ang siyang pawawalang-sala ng Diyos.

14Kapag ang mga Hentil na hindi saklaw ng Kautusan ay gumagawa batay sa panuntunan nito ayon sa kanilang likas na pag-iisip, ito'y nagiging kautusan na para sa kanila.

15Ipinapakita ng kanilang mga gawa na nakasulat sa kanilang puso ang panuntunan ng Kautusan. Pinapatunayan din ito ng kanilang budhi, sapagkat kung minsan sila'y sinusumbatan nito; at kung minsan naman, sila'y ipinagtatanggol nito sa kanilang isipan.

16Ayon sa Magandang Balitang aking ipinapangaral, gayon ang mangyayari sa Araw na ang mga lihim ng mga tao'y hahatulan ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo Jesus.

**Ang mga Judio at ang Kautusan**

17Ngunit ikaw na nagsasabing ikaw ay Judio at nananalig sa Kautusan, ipinagmamalaki mong may kaugnayan ka sa Diyos.

18Sabi mo'y alam mo ang kanyang kalooban at sumasang-ayon ka sa mabubuting bagay, sapagkat ito ang natutunan mo sa Kautusan.

19Ang palagay mo'y taga-akay ka ng bulag, tanglaw ng mga nasa kadiliman,

20tagapayo ng mga hangal, at tagapagturo ng mga bata, dahil natuklasan mo sa Kautusan ang buong kaalaman at katotohanan.

21Nagtuturo ka sa iba, bakit di mo turuan ang iyong sarili? Nangangaral kang masama ang magnakaw, bakit ka nagnanakaw?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Sinasabi mong huwag mangangalunya, bakit ka nangangalunya? Nasusuklam ka sa mga diyus-diyosan, bakit ninanakawan mo ang mga templo nila?

23Ipinagmamalaki mong saklaw ka ng Kautusan, ngunit nilalapastangan mo naman ang Diyos sa pamamagitan ng paglabag mo sa Kautusan!

24Ayon nga sa nasusulat, “Ang pangalan ng Diyos ay nilalait ng mga Hentil dahil sa inyo.”

25Mahalaga lamang ang iyong pagiging tuli kung tumutupad ka sa Kautusan, subalit kung lumalabag ka sa Kautusan, para ka ring hindi tinuli.

26Kung ang hindi tuli ay gumagawa batay sa panuntunan ng Kautusan, hindi ba siya ituturing na tuli?

27Kaya, ikaw na Judiong nasa ilalim ng Kautusan ngunit hindi naman tumutupad nito, ay hahatulan ng mga tumutupad sa Kautusan bagaman hindi sila tinuli.

28Sapagkat ang pagiging isang tunay na Judio ay hindi dahil sa panlabas na kaanyuan o dahil sa pagtutuli sa laman.

29Ang tunay na Judio ay ang taong nabago sa puso't kalooban ayon sa Espiritu at hindi ayon sa Kautusang nasusulat. Ang papuri sa taong iyon ay mula sa Diyos at hindi mula sa mga tao.

## Mga Taga-Roma 3

1Kung gayon, paano nakakalamang ang Judio sa hindi Judio? Ano ang kabuluhan ng pagiging tuli?

2Napakarami! Una sa lahat, ang mga Judio ang pinagkatiwalaan ng mga pahayag ng Diyos.

3Ano nga kung hindi naging tapat ang ilan sa kanila? Ang ibig kayang sabihin niyon ay hindi na rin tapat ang Diyos?

4Hinding-hindi! Ang Diyos ay tapat at totoo kahit na sinungaling pa ang lahat ng tao. Ayon nga sa nasusulat, “Kapag ikaw ay nagsalita, mapapatunayan kang matuwid at kung ikaw ay hahatulan, ikaw ay mananaig.”

5Ngunit kung ang kasamaan natin ay nagpapakilala ng katarungan ng Diyos, masasabi ba nating hindi siya makatarungan dahil tayo'y pinaparusahan niya? (Ganyan ang pangangatuwiran ng tao.)

6Hinding-hindi! Kung hindi makatarungan ang Diyos, paano niya hahatulan ang sanlibutan?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Kung sa pamamagitan ng aking kasinungalingan ay lalong lumilitaw ang kaluwalhatian ng Diyos, sapagkat lalong nakikilala na siya'y tapat, bakit pa niya ako paparusahan bilang isang makasalanan?

8Kung gayon, bakit nga hindi natin sabihin, “Gumawa tayo ng masama kung mabuti naman ang magiging bunga nito”? Ganyan daw ang itinuturo namin, sabi ng mga naninira sa amin. Sila'y paparusahan ng Diyos, at iyan ang nararapat.

**Walang Sinumang Matuwid**

9Ano ngayon? Ang kalagayan ba nating mga Judio ay mas mabuti kaysa sa mga Hentil? Hindi! Tulad nga ng aming napatunayan na ang lahat ng tao ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng kasalanan, maging Judio o Hentil man.

10Ayon sa nasusulat, “Walang matuwid, wala kahit isa.

11Walang nakakaunawa, walang naghahanap sa Diyos.

12Ang lahat ay lumihis ng landas at nagpakasama. Walang gumagawa ng mabuti, wala kahit isa.”

13“Parang bukás na libingan ang kanilang lalamunan; pananalita nila'y pawang panlilinlang. Ang labi nila'y may kamandag ng ahas.”

14“Punô ng pagmumura at masasakit na salita ang kanilang bibig.”

15“Wala silang atubili sa pagpatay ng kapwa.

16Parang dinaanan ng salot ang kanilang madaanan,

17hindi nila alam ang daan ng kapayapaan.”

18“Hindi sila marunong matakot sa Diyos.”

19Alam natin na anumang sinasabi ng Kautusan ay sinasabi sa mga nasasakop nito upang walang maidahilan ang sinuman, at dahil dito'y mananagot ang lahat sa Diyos.

20Walang taong mapapawalang-sala sa paningin ng Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan, sapagkat ang ginagawa ng Kautusan ay ang ipaalam sa tao na siya'y nagkasala.

**Ang Pagpapawalang-sala ng Diyos sa Tao**

21Ngunit ngayo'y nahayag na kung paano ginagawang matuwid ng Diyos ang tao. Ito'y hindi sa pamamagitan ng Kautusan; bagaman ang Kautusan at ang mga Propeta ang nagpapatotoo tungkol dito.

22Ginagawang matuwid ng Diyos ang lahat sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya kay Jesu-Cristo. Walang pagkakaiba ang mga tao,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23sapagkat ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.

24Ngunit dahil sa kanyang kagandahang-loob na walang bayad niyang ibinigay, sila ay itinuring na matuwid sa pamamagitan ni Cristo Jesus na siyang nagpapalaya sa kanila.

25Siya ang inialay ng Diyos bilang handog, upang sa pamamagitan ng kanyang dugo ay mapatawad ang kasalanan ng lahat ng sumasampalataya sa kanya. Ginawa ito ng Diyos upang patunayang siya'y matuwid, sapagkat noong unang panahon ay nagtimpi siya at pinagtiisan ang mga kasalanang nagawa ng mga tao.

26Ngunit ngayon ay ipinapakita ng Diyos na siya'y matuwid at itinuturing niyang matuwid ang mga sumasampalataya kay Jesus.

27Kaya't ano ngayon ang ating maipagmamalaki? Wala! At bakit naman tayo magmamalaki? Dahil ba sa ating pagsunod sa Kautusan? Hindi! Kundi dahil sa ating pananampalataya kay Cristo.

28Kung gayon, maliwanag na sa pamamagitan ng pananampalataya itinuturing na matuwid ang tao, at hindi sa pamamagitan ng pagtupad sa Kautusan.

29Ang Diyos ba'y Diyos lamang ng mga Judio? Hindi ba't Diyos din siya ng mga Hentil? Oo, siya'y Diyos din ng mga Hentil,

30sapagkat iisa lamang ang Diyos. Kapwa niya ituturing na matuwid ang mga Judio at mga Hentil batay sa kanilang pananampalataya.

31Pinapawalang-saysay ba namin ang Kautusan dahil sa pananampalatayang ito? Hinding-hindi! Sa halip, pinapagtibay pa nga namin ito.

## Mga Taga-Roma 4

### Ang Halimbawa ni Abraham

1Tungkol kay Abraham na ating ninuno, ano naman ang masasabi natin? Ano ang kanyang karanasan tungkol sa bagay na ito?

2Kung itinuring siya ng Diyos na matuwid dahil sa mga nagawa niya, may maipagmamalaki sana siya. Ngunit wala siyang maipagmalaki sa paningin ng Diyos.

3Ano ang sinasabi ng kasulatan? “Si Abraham ay sumampalataya sa Diyos at dahil dito, siya ay itinuring ng Diyos na matuwid.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[4]Ang ibinibigay sa taong gumagawa ay hindi itinuturing na kaloob, kundi kabayaran.

[5]Ngunit ang hindi nananalig sa sariling mga gawa kundi sumasampalataya sa Diyos na nagpapawalang-sala sa makasalanan ay itinuring na matuwid ng Diyos dahil sa kanyang pananampalataya.

[6]Kaya't tinawag ni David na pinagpala ang taong itinuring ng Diyos na matuwid nang hindi dahil sa sarili nitong mga gawa. Sinabi niya,

[7]“Pinagpala ang mga taong pinatawad na ang pagsuway, at ang mga taong pinawi na ang mga kasalanan.

[8]Pinagpala ang taong hindi na pagbabayarin ng Panginoon sa kanyang mga kasalanan.”

[9]Ang pagpapala kayang ito'y para lamang sa mga tuli? Hindi! Ito'y para rin sa mga di-tuli. Sinasabi natin, batay sa Kasulatan na itinuring na matuwid ng Diyos si Abraham dahil sa kanyang pananampalataya.

[10]Kailan iyon nangyari? Bago siya tinuli, o pagkatapos? Bago siya tinuli, at hindi pagkatapos.

[11]Ang kanyang pagtutuli ay naging tanda na siya'y itinuring na matuwid ng Diyos dahil sa pananampalataya niya noong hindi pa siya tuli. Kaya't siya'y naging ama ng lahat ng mga sumasampalataya sa Diyos, at sa gayon, sila'y itinuring na matuwid kahit hindi sila tinuli.

[12]At siya'y ama rin ng mga tuli, hindi lamang dahil sa kanilang pagiging tuli, kundi dahil sa sila'y sumunod sa halimbawa ng pananampalataya ng ating ninunong si Abraham noong bago siya tuliin.

**Nakamtan ang Pangako Dahil sa Pananampalataya**

[13]Ipinangako ng Diyos kay Abraham at sa kanyang magiging lahi na mamanahin nila ang buong mundo, hindi dahil sa pagsunod niya sa Kautusan, kundi dahil sa siya'y itinuring na matuwid sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya sa Diyos.

[14]Kung ang pangako ay ipagkakaloob lamang sa mga sumusunod sa Kautusan, walang saysay ang pananampalataya ng tao at walang kabuluhan ang pangako ng Diyos.

[15]Ang Kautusan ay nagdadala ng poot ng Diyos sa mga lumalabag. Ngunit kung walang kautusan, wala ring paglabag.

[16]Kaya nga't sa pananampalataya nababatay ang pangako, upang ito'y maibigay bilang walang bayad na kaloob para sa lahat ng anak ni Abraham; hindi lamang sa mga saklaw ng Kautusan, kundi sa lahat ng sumasampalataya rin tulad ni Abraham. Sapagkat siya ang ama nating lahat,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17gaya ng nasusulat, “Ginawa kitang ama ng maraming bansa.” Ang pangakong ito'y may bisa sa harap ng Diyos na kanyang sinampalatayanan, ang Diyos na bumubuhay sa mga patay at lumilikha ng mga bagay na hindi pa nalilikha.

18Kahit wala nang pag-asang magkaanak, nanalig pa rin si Abraham na siya'y magiging ama ng maraming bansa, ayon sa sinabi sa kanya, “Sindami ng mga bituin ang iyong magiging lahi.”

19Hindi nanghina ang kanyang pananampalataya kahit uugud-ugod na siya, palibhasa'y isandaang taon na siya noon, at ang kanya namang asawang si Sara ay baog.

20Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos. Sa halip, lalo siyang lumakas dahil sa kanyang pananampalataya at nagpuri pa sa Diyos.

21Lubos siyang naniwala na tutuparin ng Diyos ang ipinangako nito.

22Kaya't dahil sa kanyang pananampalataya, siya'y itinuring na matuwid ng Diyos.

23Ang salitang “itinuring na matuwid” ay isinulat hindi lamang para sa kanya,

24kundi para sa atin din naman. Ituturing din tayong matuwid dahil sumasampalataya tayo sa Diyos na muling bumuhay kay Jesus na ating Panginoon.

25Siya'y ipinapatay dahil sa ating mga kasalanan at muling binuhay upang tayo'y mapawalang-sala.

## Mga Taga-Roma 5

### Mga Bunga ng Pagtanggap ng Diyos

1Sapagkat napawalang-sala na tayo sa pamamagitan ng ating pananampalataya, mayroon na tayong mapayapang ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

2Sa pamamagitan ng [pagsampalataya] kay Jesu-Cristo, tinamasa natin ang kagandahang-loob ng Diyos, at tayo'y nagagalak dahil sa pag-asang tayo'y makakabahagi sa kanyang kaluwalhatian.

3Hindi lamang iyan. Ikinagagalak din natin ang mga kahirapang ating tinitiis, dahil alam nating ito'y nagbubunga ng pagtitiyaga.

4At ang pagtitiyaga ay nagbubunga ng mabuting pagkatao, at ang mabuting pagkatao ay nagbubunga ng pag-asa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5At hindi tayo binibigo ng pag-asang ito sapagkat ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos na sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ipinagkaloob sa atin.

6Sapagkat noong tayo'y mahihina pa, namatay si Cristo sa takdang panahon para sa mga makasalanan.

7Mahirap mangyaring ialay ninuman ang kanyang buhay alang-alang sa isang taong matuwid, kahit na maaaring may mangahas na gumawa nito alang-alang sa isang taong mabuti.

8Ngunit pinatunayan ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang mamatay si Cristo para sa atin noong tayo'y makasalanan pa.

9Yamang sa pamamagitan ng kanyang dugo, tayo ngayon ay napawalang-sala, lalong tiyak na maliligtas tayo sa poot ng Diyos.

10Dati, tayo'y mga kaaway ng Diyos, ngunit tinanggap na niya tayo bilang mga kaibigan sa pamamagitan ng pagkamatay ng kanyang Anak. At dahil dito, tiyak na maliligtas tayo sapagkat si Cristo ay buháy.

11At hindi lamang iyan! Tayo'y nagagalak dahil sa ginawa ng Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo, sapagkat dahil sa kanya ay tinanggap tayo bilang mga kaibigan ng Diyos.

**Si Adan at si Cristo**

12Ang kasalanan ay pumasok sa sanlibutan sa pamamagitan ng isang tao, at ang kamatayan ay pumasok sa pamamagitan ng kasalanan. Dahil dito, lumaganap ang kamatayan sa lahat ng tao sapagkat ang lahat ay nagkasala.

13Nasa sanlibutan na ang kasalanan bago ibigay ang Kautusan, ngunit kung walang kautusan, ang kasalanan ay hindi itinuturing na kasalanan.

14Gayunman, naghari pa rin ang kamatayan mula kay Adan hanggang kay Moises, pati sa mga taong hindi nagkasala tulad ng pagsuway ni Adan sa utos ng Diyos. Si Adan ay anyo ng isang darating.

15Subalit magkaiba ang dalawang ito dahil ang walang bayad na kaloob ng Diyos ay hindi katulad ng kasalanan ni Adan. Totoong maraming tao ang namatay dahil sa kasalanan ng isang tao. Ngunit ang kagandahang-loob ng Diyos ay mas dakila, gayundin ang kanyang walang bayad na kaloob sa maraming tao sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng isang tao, si Jesu-Cristo.

16Ang kaloob na ito ay hindi katulad ng ibinunga ng pagsuway ni Adan. Sapagkat hatol na kaparusahan ang idinulot matapos na magawâ ang isang pagsuway, subalit kaloob na nagpapawalang-sala naman ang idinulot matapos magawâ ang maraming pagsuway.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Sa pamamagitan ng pagsuway ng isang tao, naghari ang kamatayan. Ngunit sa pamamagitan din ng isang tao, si Jesu-Cristo, ang mga taong pinagpala nang sagana at itinuring na matuwid ng Diyos ay maghahari sa buhay.

18At kung paanong ang pagsuway ng isang tao ay nagdulot ng kaparusahan sa lahat, ang matuwid na ginawa rin ng isang tao ay nagdudulot ng pagpapawalang-sala at buhay sa lahat.

19Sapagkat kung naging makasalanan ang marami dahil sa pagsuway ng isang tao, marami rin ang mapapawalang-sala dahil sa pagsunod ng isang tao.

20Nang magkaroon ng Kautusan, dumami ang pagsuway; ngunit sa pagdami naman ng mga pagsuway ay lalong sumagana ang kagandahang-loob ng Diyos.

21Kaya nga, kung paanong naghari ang kasalanan sa pamamagitan ng kamatayan, gayundin naman maghahari ang kagandahang-loob ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapawalang-sala. Ito'y magdudulot ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

## Mga Taga-Roma 6

### Patay sa Kasalanan Ngunit Buháy kay Cristo

1Ano ngayon ang sasabihin natin? Patuloy ba tayong magkakasala upang sumagana sa atin ang kagandahang-loob ng Diyos?

2Hinding-hindi! Tayo'y patay na sa kasalanan, paano pa tayo mamumuhay sa pagkakasala?

3Hindi ba ninyo alam na tayong lahat na nabautismuhan kay Cristo Jesus ay nabautismuhan sa kanyang kamatayan?

4Samakatuwid, tayo'y namatay na at nalibing na kasama niya sa pamamagitan ng bautismo upang kung paanong binuhay muli si Cristo sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo rin ay magkaroon ng panibagong buhay.

5Sapagkat kung nakasama tayo ni Cristo sa isang kamatayang katulad ng kanyang kamatayan, tiyak na tayo ay makakasama rin niya sa muling pagkabuhay na katulad ng kanyang muling pagkabuhay.

6Alam natin na ang dati nating pagkatao ay naipako na sa krus kasama niya, upang mamatay ang ating makasalanang pagkatao at nang hindi na tayo maalipin pa ng kasalanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Sapagkat ang namatay na ay pinalaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan.

8Kung tayo'y namatay nang kasama ni Cristo, naniniwala tayong mabubuhay rin tayong kasama niya.

9Alam nating si Cristo na muling binuhay ay hindi na muling mamamatay. Wala nang kapangyarihan sa kanya ang kamatayan.

10Nang siya'y mamatay, namatay siya nang minsanan para sa lahat ng panahon dahil sa kasalanan; at ang buhay niya ngayon ay para sa Diyos.

11Kaya dapat din ninyong ituring ang inyong sarili bilang patay na sa kasalanan ngunit buháy para sa Diyos, sapagkat kayo'y nakipag-isa na kay Cristo Jesus.

12Huwag na ninyong paghariin ang kasalanan sa inyong mga katawang may kamatayan upang hindi na ninyo sundin ang masasamang hilig nito.

13Huwag na ninyong ipailalim sa kapangyarihan ng kasalanan ang alinmang bahagi ng inyong katawan bilang kasangkapan sa paggawa ng kasamaan. Sa halip, pasakop kayo sa Diyos bilang mga taong namatay na at muling binuhay, at ihandog ninyo sa kanya ang inyong katawan bilang kasangkapan sa kabutihan.

14Sapagkat hindi na dapat maghari sa inyo ang kasalanan, dahil kayo'y wala na sa ilalim ng kautusan kundi nasa ilalim ng kagandahang-loob ng Diyos.

**Mga Alipin ng Katuwiran**

15Ngayon, malaya na ba tayong magkasala dahil wala na tayo sa ilalim ng kautusan kundi nasa ilalim ng kagandahang-loob ng Diyos? Hinding-hindi!

16Hindi ba ninyo alam na kapag nagpasakop kayo sa sinumang inyong sinusunod, kayo'y nagiging alipin nito, maging ito'y kasalanang hahantong sa kamatayan, o ang pagsunod sa Diyos na hahantong sa pagiging matuwid?

17Ngunit salamat sa Diyos, kayong dating mga alipin ng kasalanan ay taos pusong sumunod sa katotohanan na nasa aral na ibinigay sa inyo.

18Pinalaya na kayo sa kasalanan at kayo ngayon ay mga alipin na ng katuwiran.

19Gumagamit ako ng karaniwang pangungusap dahil sa inyong likas na kahinaan. Kung paanong ipinailalim ninyo noong una ang inyong sarili sa karumihan at sa kasamaang palala nang palala, isuko ninyo ngayon ang inyong sarili bilang alipin ng katuwiran para sa mga banal na layunin.

20Noong alipin pa kayo ng kasalanan, hindi kayo saklaw ng katuwiran.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21 Ano ang napala ninyo sa mga bagay na iyon na ikinahihiya ninyo ngayon? Kamatayan ang ibinubunga ng mga iyon.

22 Ngunit ngayong pinalaya na kayo mula sa kasalanan at naging alipin na ng Diyos, ang natamo ninyo'y isang buhay na banal at ang ibinubunga nito'y buhay na walang hanggan.

23 Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang walang bayad na kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.

## Mga Taga-Roma 7

### Wala na sa Ilalim ng Kautusan

1 Mga kapatid, ako'y nagsasalita sa inyo na mga nakakaunawa ng batas. Alam ninyong ang isang tao'y nasasakop lamang ng batas habang siya'y nabubuhay.

2 Halimbawa, ayon sa Kautusan, ang isang babae ay nasasakop ng kanyang asawa habang nabubuhay ito. Subalit kung mamatay na ang lalaki, malaya na ang babae sa batas na nagtatali sa kanya sa lalaking iyon.

3 Kaya nga, siya'y magkakasala ng pangangalunya kung makikisama siya sa ibang lalaki habang nabubuhay ang kanyang asawa. Ngunit kung patay na ang kanyang asawa, malaya na siya sa batas na iyon, at mag-asawa man siya sa ibang lalaki, hindi siya nagkakasala ng pangangalunya.

4 Gayundin naman mga kapatid, namatay na kayo sa Kautusan sa pamamagitan ng katawan ni Cristo, at ngayon kayo ay kabilang na sa mga nakipag-isa sa kanya na muling binuhay, upang magbunga tayo ng mabubuting gawa para sa Diyos.

5 Noong tayo'y namumuhay pa ayon sa ating likas na pagkatao, ang ating mga masasamang hilig na pinupukaw ng Kautusan ay nag-uudyok sa mga bahagi ng ating katawan na gumawa ng mga bagay na hahantong sa kamatayan.

6 Ngunit malaya na tayo ngayon mula sa Kautusan dahil namatay na tayo sa kasalanang dating umaalipin sa atin. Kaya, tayo'y naglilingkod sa Diyos hindi ayon sa lumang batas na nakasulat, kundi ayon sa bagong buhay ng Espiritu.

### Ang Kautusan at ang Kasalanan

7 Ang ibig bang sabihin nito'y ang Kautusan ay masama? Hinding-hindi! Kaya lamang, kundi dahil sa Kautusan ay hindi ko sana nalaman kung ano ang kasalanan. Hindi ko sana nalaman kung paano pagnasaan ang pag-aari ng

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

iba kung hindi sinabi ng Kautusan, “Huwag mong pagnasaan ang pag-aari ng iba.”

8Ngunit dahil sa utos, ang loob ko'y pinukaw ng kasalanan sa lahat ng uri ng kasakiman. Sapagkat walang kasalanan kung walang Kautusan.

9Noong una, namuhay ako nang walang Kautusan. Subalit nang dumating ang utos, nabuhay ang kasalanan

10at ako'y namatay. Ang utos na dapat sanang magdulot sa akin ng buhay ay siyang nagdulot sa akin ng kamatayan.

11Sapagkat kinasangkapan ng kasalanan ang utos upang ako'y dayain, at sa gayon ay napatay nga ako ng kasalanan.

12Kaya nga, ang Kautusan ay banal, at ang bawat utos ay banal, matuwid at mabuti.

13Ang ibig bang sabihin nito'y nagdulot sa akin ng kamatayan ang mabuting bagay? Hinding-hindi! Ang kasalanan ang pumatay sa akin sa pamamagitan ng mabuting bagay. Nangyari ito upang maipakita kung ano nga ang kasalanan, at upang mahayag sa pamamagitan ng Kautusan, na ang kasalanan ay talagang napakasama.

**Ang Hilig ng Laman at Tuntunin ng Isip**

14Alam nating ang Kautusan ay espirituwal, ngunit ako'y makalaman at alipin ng kasalanan.

15Hindi ko maunawaan ang aking sarili. Sapagkat hindi ko ginagawa ang gusto ko, sa halip ang kinasusuklaman ko ang siya kong ginagawa.

16Ngayon, kung ginagawa ko ang hindi ko gusto, nangangahulugang sumasang-ayon ako na mabuti nga ang Kautusan.

17Kung gayon, hindi na ako ang may kagagawan niyon, kundi ang kasalanang naninirahan sa akin.

18Alam kong walang mabuting bagay na naninirahan sa aking katawang makalaman. May kakayahan akong naisin ang mabuti, ngunit hindi ko nga lamang ito magawa.

19Sapagkat hindi ko ginagawa ang mabuting gusto ko, ang masamang hindi ko gusto ang siya kong ginagawa.

20Kung ang ginagawa ko ay hindi ko nais, hindi na ako ang gumagawa nito kundi ang kasalanang naninirahan sa akin.

21Ito ang natuklasan ko: kapag nais kong gumawa ng mabuti, ang masama ay malapít sa akin.

22Sa kaibuturan ng aking puso, ako'y nalulugod sa Kautusan ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Ngunit may ibang kapangyarihan sa mga bahagi ng aking katawan na salungat sa tuntunin ng aking isip; binibihag ako ng kapangyarihang ito sa kasalanang naninirahan sa aking katawan.

24Kay saklap ng aking kalagayan! Sino ang magliligtas sa akin mula sa katawang ito na nagdadala sa akin sa kamatayan?

25Wala nang iba pa kundi ang Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na ating Panginoon! Salamat sa kanya! Ito nga ang kalagayan ko: sa pamamagitan ng aking isip, pinaglilingkuran ko ang Kautusan ng Diyos, ngunit sa pamamagitan ng aking katawang makalaman ay pinaglilingkuran ko ang tuntunin ng kasalanan.

## Mga Taga-Roma 8

**Pamumuhay Ayon sa Espiritu**

1Kaya nga, wala nang kahatulang parusa sa mga taong nakipag-isa na kay Cristo Jesus.

2Sa pamamagitan ng kautusan ng Espiritung nagbibigay-buhay dahil sa pakikiisa natin kay Cristo-Jesus, pinalaya na ako mula sa kautusan ng kasalanan at kamatayan.

3Ginawa ng Diyos ang hindi kayang gawin ng Kautusan dahil sa kahinaan ng tao. Isinugo niya ang kanyang sariling Anak sa anyo ng taong makasalanan upang pawiin ang kasalanan. Sa gayon, hinatulan na niya ang kasalanang umaalipin sa tao.

4Ginawa ito ng Diyos upang ang itinatakda ng Kautusan ay matupad sa atin na namumuhay ayon sa Espiritu at hindi ayon sa hilig ng laman.

5Ang mga namumuhay ayon sa hilig ng laman ay walang pinapahalagahan kundi ang mga bagay na ukol sa laman; ngunit ang mga namumuhay ayon sa Espiritu ay nagpapahalaga sa mga bagay na espirituwal.

6Ang pagsunod sa hilig ng laman ay naghahatid sa kamatayan, ngunit ang pagsunod sa Espiritu ay nagdudulot ng buhay at kapayapaan.

7Kaya nga, kapag itinutuon ng tao ang kanyang pag-iisip sa mga hilig ng laman, siya'y nagiging kaaway ng Diyos sapagkat hindi siya nagpapasakop sa batas ng Diyos, at sadyang hindi niya ito magagawa.

8At ang nabubuhay ayon sa hilig ng laman ay hindi maaaring kalugdan ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Ngunit hindi na kayo namumuhay ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu. Sa katunayan, naninirahan sa inyo ang Espiritu ng Diyos. Kung wala sa isang tao ang Espiritu ni Cristo, hindi kay Cristo ang taong iyon.

10Ngunit dahil naninirahan sa inyo si Cristo, mamatay man ang inyong mga katawan dahil sa kasalanan, ang espiritu naman ninyo ay buháy sapagkat itinuring na kayong matuwid ng Diyos.

11Kung naninirahan sa inyo ang Espiritu ng Diyos na siyang muling bumuhay kay Jesu-Cristo, siya ang muling bubuhay sa inyong mga katawang may kamatayan, sa pamamagitan din ng kanyang Espiritung naninirahan sa inyo.

12Mga kapatid, wala tayong pananagutang sundin ang mga hilig ng laman upang mamuhay ayon sa katawang makalaman.

13Sapagkat mamamatay kayo kung namumuhay kayo ayon sa katawang makalaman, ngunit kung pinapatay ninyo sa pamamagitan ng Espiritu ang mga gawa ng katawang makalaman, mabubuhay kayo.

14Ang lahat ng pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos ay mga anak ng Diyos.

15Sapagkat hindi espiritu ng pagkaalipin ang inyong tinanggap upang kayo'y mamuhay sa takot. Sa halip, ang inyong tinanggap ay ang Espiritu ng pagkupkop upang kayo'y gawing mga anak ng Diyos, kaya tayo'y tumatawag sa kanya ng, “Ama, Ama ko!”

16Ang Espiritu ang nagpapatotoo, kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Diyos.

17At yamang mga anak, tayo'y mga tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Cristo. Sapagkat kung tayo'y kasama niya sa pagtitiis, tayo'y makakasama niya sa kanyang kaluwalhatian.

**Ang Kaluwalhatiang Sasaatin**

18Para sa akin, ang mga pagtitiis natin sa kasalukuyan ay hindi maihahambing sa kaluwalhatiang ipahahayag sa atin balang araw.

19Sapagkat nananabik ang sangnilikha na ihayag ng Diyos ang kanyang mga anak.

20Nabigo ang sangnilikha, hindi dahil sa kagustuhan nito, kundi dahil itinulot iyon ng Diyos. Gayunman, nagbigay rin siya ng pag-asa

21na ang lahat ng nilikha ay pinalaya ng Diyos upang hindi na ito mabulok, at upang makabahagi ito sa maluwalhating kalayaan ng mga anak ng Diyos.

22Alam nating hanggang ngayo'y dumaraing ang sangnilikha dahil sa matinding hirap na tulad ng isang nanganganak.

23At hindi lamang ang sangnilikha, kundi tayong mga tumanggap na ng Espiritu bilang unang kaloob mula sa Diyos ay dumaraing din habang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

hinihintay natin ang paghahayag ng ating pagiging mga anak ng Diyos at ang pagpapalaya sa ating mga katawan.

24Naligtas tayo dahil sa pag-asang ito. Ngunit hindi iyon matatawag na pag-asa kung nakikita na natin ang ating inaasahan. Sapagkat sinong tao ang aasa pa kung ito'y nakikita na niya?

25Ngunit kung umaasa tayo sa hindi natin nakikita, hinihintay natin iyon nang buong tiyaga.

26Gayundin naman, tinutulungan tayo ng Espiritu sa ating kahinaan sapagkat hindi tayo marunong manalangin nang nararapat, kaya't ang Espiritu ang namamagitan para sa atin, at dumaraing sa paraang hindi natin kayang sambitin.

27At ang Diyos na siyang nakakasaliksik sa puso ng tao, ang siyang nakakaalam kung ano ang kalooban ng Espiritu, sapagkat ang Espiritu ang namamagitan para sa atin, ayon sa kalooban ng Diyos.

28Alam nating sa lahat ng bagay ay gumagawa ang Diyos para sa mabuti kasama ang mga nagmamahal sa kanya, silang mga tinawag ayon sa kanyang layunin.

29Sapagkat sa mula't mula pa'y alam na ng Diyos kung sino ang magiging kanya at ang mga ito'y pinili niya upang maging katulad ng kanyang Anak. Sa gayon, siya ang naging panganay sa lahat ng maraming magkakapatid.

30Ang mga pinili niya noon pang una ay kanyang tinawag; at ang mga tinawag ay kanya ring pinawalang-sala, at ang mga pinawalang-sala ay kanyang binahaginan ng kanyang kaluwalhatian.

**Ang Pag-ibig ng Diyos**

31Ano pa ang masasabi natin tungkol dito? Kung ang Diyos ay panig sa atin, sino ang makakalaban sa atin?

32Kung ang sarili niyang Anak ay hindi niya ipinagkait, sa halip ay ibinigay para sa ating lahat, hindi kaya niya ibibigay nang masagana sa atin ang lahat ng bagay?

33Sino ang makakapagharap ng paratang laban sa mga hinirang ng Diyos, gayong ang Diyos ang nagpapawalang-sala sa kanila?

34Sino ang hahatol upang sila'y parusahan? Si Cristo Jesus ba na namatay, ngunit higit sa lahat ay muling binuhay, at ngayon ay nasa kanan ng Diyos upang mamagitan para sa atin?

35Sino ang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo? Ang kaguluhan kaya, ang kapighatian, pag-uusig, pagkagutom, kahirapan, panganib, o kamatayan?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

36Ayon sa nasusulat, “Dahil sa inyo'y buong araw kaming pinapatay, turing nila sa amin ay mga tupang kakatayin lamang.”

37Hindi! Sa lahat ng mga ito, tayo'y lalong higit pang magtatagumpay sa pamamagitan niya na nagmamahal sa atin.

38Sapagkat natitiyak kong walang makapaghihiwalay sa atin sa kanyang pag-ibig. Kahit ang kamatayan o ang buhay, ang mga anghel o ang mga pamunuan at ang mga kapangyarihan, ang kasalukuyan o ang hinaharap,

39ang kataasan o ang kalaliman, o alinmang nilalang ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos na ipinagkaloob sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.

## Mga Taga-Roma 9

### Ang Pagkapili ng Diyos sa Israel

1Sa ngalan ni Cristo, ako'y nagsasabi ng totoo. Hindi ako nagsisinungaling. Ang aking budhi ay nagpapatunay na totoo ang sinasabi ko at saksi ko ang Espiritu Santo.

2Matindi ang aking kalungkutan at di mapawi ang pagdaramdam ng aking puso,

3dahil sa mga kalahi kong Judio. Mas mamatamisin ko pang ako'y sumpain at mapahiwalay kay Cristo, kung ito'y sa ikabubuti nila.

4Sila'y mga Israelita na binigyan ng Diyos ng karapatang maging mga anak niya. Ipinakita rin niya sa kanila ang kanyang kaluwalhatian. Sa kanila nakipagtipan ang Diyos. Sa kanila rin ibinigay ang Kautusan, ang panuntunan sa pagsamba, at ang kanyang mga pangako.

5Sa kanila rin nagmula ang mga patriyarka, at tungkol sa kanyang pagiging tao, si Cristo ay nagmula sa kanilang lahi. Ang Kataas-taasang Diyos ay purihin magpakailanman! Amen.

6Hindi ito nangangahulugang nawalan na ng kabuluhan ang salita ng Diyos, sapagkat hindi lahat ng mga Israelita ay kabilang sa bayang pinili niya.

7At hindi rin naman ibinibilang na anak ni Abraham ang lahat ng nagmula sa kanya. Ganito ang sinabi ng Diyos, “Magmumula kay Isaac ang ibibilang na lahi mo.”

8Kaya nga, hindi lahat ng anak ni Abraham ay ibinibilang na anak ng Diyos, kundi iyon lamang mga ayon sa pangako ng Diyos.

9Sapagkat ganito ang pangako, “Babalik ako sa isang taon, sa ganito ring panahon, at magkakaanak ng isang lalaki si Sara.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

10At hindi lamang iyon. Kahit na iisa lamang ang ama ng dalawang anak ni Rebecca, na walang iba kundi ang ating ninunong si Isaac,

11-12ipinakilala ng Diyos na ang kanyang pagpili ay ayon sa sarili niyang layunin at hindi batay sa gawa ng tao. Kaya't bago pa ipanganak ang mga bata, at bago pa sila makagawa ng anumang mabuti o masama, sinabi na ng Diyos kay Rebecca, "Maglilingkod ang mas matanda sa nakababata."

13Ayon sa nasusulat, "Minahal ko si Jacob, at kinapootan ko si Esau."

14Masasabi ba nating hindi makatarungan ang Diyos dahil dito? Hinding-hindi!

15Sapagkat ganito ang sabi niya kay Moises, "Mahahabag ako sa nais kong kahabagan at maaawa ako sa nais kong kaawaan."

16Maliwanag kung gayon, na ang pasya ng Diyos ay nababatay sa kanyang habag, at hindi sa kagustuhan o pagsisikap ng tao.

17Sapagkat ayon sa kasulatan ay sinabi niya sa hari ng Egipto, "Ginawa kitang hari upang sa pamamagitan mo'y maipakita ko ang aking kapangyarihan, at maipahayag ang aking pangalan sa buong daigdig."

18Kaya nga't kinahahabagan ng Diyos ang sinumang nais niyang kahabagan, at pinagmamatigas ang nais niyang maging matigas ang ulo.

**Ang Poot at Habag ng Diyos**

19Sasabihin mo naman sa akin, "Kung gayon, bakit pa sinisisi ng Diyos ang tao? Sino ba ang makakasalungat sa kanyang kalooban?"

20Tao ka lamang, sino kang mangangahas na sumagot nang ganoon sa Diyos? Masasabi kaya ng isang hinuhubog sa kanyang manghuhubog, "Bakit ninyo ako ginawang ganito?"

21Wala bang karapatan ang gumagawa ng palayok na bumuo ng mamahalin o mumurahing sisidlan mula sa iisang tumpok ng putik?

22Kaya, kahit nais nang ipakita noon ng Diyos ang kanyang poot at ipakilala ang kanyang kapangyarihan, buong tiyaga pa rin niyang pinagtiisan ang mga taong dapat sana'y parusahan at lipulin.

23Ginawa niya iyon upang ipakilala ang kanyang walang kapantay na kadakilaan sa mga taong kanyang kinahahabagan, na noong una pa'y inihanda na niya para sa kaluwalhatian.

24Tayo ang mga taong iyon na tinawag niya hindi lamang mula sa mga Judio subalit mula rin sa mga Hentil.

25Ganito ang sinasabi niya sa aklat ni Oseas, "Ang dating hindi ko bayan ay tatawaging 'Bayan ko,' at ang dating hindi ko mahal ay tatawaging 'Mahal ko.'

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26At sa lugar kung saan sinabing ‘Kayo'y hindi ko bayan,’ sila'y tatawaging mga anak ng Diyos na buháy.”

27Ito naman ang ipinahayag ni Isaias tungkol sa Israel, “Kahit na maging kasindami ng buhangin sa dagat ang bilang ng mga anak ni Israel, kaunti lamang ang matitira sa kanila na maliligtas.

28Sapagkat mahigpit at mabilis na hahatulan ng Panginoon ang daigdig.”

29Si Isaias din ang nagsabi, “Kung ang Makapangyarihang Panginoon ay hindi nagtira ng ilan sa ating lahi, tayo sana'y naging katulad ng Sodoma at Gomorra.”

**Ang Israel at ang Magandang Balita**

30Ano ngayon ang masasabi natin? Ang mga Hentil na hindi nagsikap na maging matuwid sa harapan ng Diyos ay itinuring na matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya.

31Ngunit ang Israel naman, na nagsikap na maging matuwid sa harapan ng Diyos sa pamamagitan ng Kautusan, ay nabigo.

32Bakit? Dahil sinikap nilang kalugdan sila ng Diyos sa pamamagitan ng mga gawa, at hindi sa pamamagitan ng pananampalataya. Natisod sila sa batong katitisuran,

33tulad ng nasusulat, “Tingnan ninyo, naglalagay ako sa Zion ng batong katitisuran, isang malaking bato na sa kanila'y magpapabuwal. Ngunit ang sumasampalataya sa batong ito ay hindi mapapahiya.”

## Mga Taga-Roma 10

1Mga kapatid, ang pinakananais ng puso ko at idinadalangin ko sa Diyos ay ang maligtas ang Israel.

2Sapagkat saksi ako na sila'y masigasig na maging kalugud-lugod sa Diyos. Hindi nga lamang batay sa tamang kaalaman.

3Dahil hindi nila kinilala ang pamamaraan ng Diyos upang gawing matuwid ang tao, at nagsikap silang gumawa ng sarili nilang pamamaraan; hindi sila nagpasakop sa pamamaraang itinakda ng Diyos.

4Sapagkat si Cristo ang kaganapan ng Kautusan, upang ituring na matuwid ng Diyos ang sinumang sumasampalataya sa kanya.

**Ang Kaligtasan ay para sa Lahat**

5Ganito ang isinulat ni Moises tungkol sa pagiging matuwid batay sa Kautusan, “Ang tumutupad sa Kautusan ay mabubuhay ayon dito.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Ngunit ganito naman ang sinasabi tungkol sa pagiging matuwid batay sa pananampalataya, “Huwag mong sabihin sa iyong sarili, ‘Sino ang aakyat sa langit?’” upang pababain si Cristo.

7“Huwag mo ring sabihin, ‘Sino ang bababâ sa kailaliman?’” upang muling buhayin si Cristo.

8Sapagkat ganito ang sinasabi, “Malapit sa iyo ang mensahe, nasa iyong bibig at nasa iyong puso.” Ang tinutukoy dito'y ang salitang ipinapangaral namin tungkol sa pananampalataya.

9Kung ipahahayag ng iyong bibig na si Jesus ay Panginoon at buong puso kang sasampalataya na siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka.

10Sapagkat sumasampalataya ang tao sa pamamagitan ng kanyang puso at sa gayon ay itinuturing na matuwid ng Diyos. Nagpapahayag naman siya sa pamamagitan ng kanyang bibig at sa gayon ay naliligtas.

11Sinabi nga ng kasulatan, “Ang sinumang sumasampalataya sa kanya ay hindi mapapahiya.”

12Kaya't walang pagkakaiba ang katayuan ng Judio at ng Hentil. Iisa ang Panginoon ng lahat at siya'y masaganang nagbibigay sa lahat ng tumatawag sa kanya,

13dahil sinasabi sa kasulatan, “Maliligtas ang lahat ng tumatawag sa pangalan ng Panginoon.”

14Paano naman sila tatawag sa kanya kung hindi sila sumasampalataya? Paano sila sasampalataya kung wala pa silang napakinggan tungkol sa kanya? Paano naman sila makakapakinig kung walang mangangaral sa kanila?

15At paanong makakapangaral ang sinuman kung hindi siya isinugo? Tulad ng nasusulat, “O kay gandang pagmasdan ang pagdating ng mga nagdadala ng Magandang Balita!”

16Ngunit hindi lahat ay sumunod sa Magandang Balita, gaya ng sinulat ni Isaias, “Panginoon, sino ang naniwala sa aming ibinalita?”

17Kaya't ang pananampalataya ay bunga ng pakikinig, at ang pakikinig naman ay bunga ng pangangaral tungkol kay Cristo.

18Subalit ang tanong ko'y ganito: Hindi kaya sila nakapakinig? Oo, sila'y nakapakinig! Sapagkat nasusulat, “Abot sa lahat ng dako ang kanilang tinig, ang sinasabi nila'y nakarating hanggang sa dulo ng daigdig.”

19Ito pa ang isa kong tanong: Hindi kaya nakaunawa ang bansang Israel? Noon pa man ay sinabi na ni Moises, “Gagamitin ko ang mga taong di man

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

lamang isang bansa upang kayo'y inggitin, gagamitin ko ang isang bansang hangal upang kayo'y galitin."

[20]Buong tapang namang ipinahayag ni Isaias, "Natagpuan ako ng mga hindi naghanap sa akin. Nagpahayag ako sa mga hindi nag-usisa tungkol sa akin."

[21]Subalit tungkol naman sa Israel ay sinabi niya, "Buong maghapon akong nanawagan sa isang suwail at mapaghimagsik na bayan!"

## Mga Taga-Roma 11

### Kinahabagan ng Diyos ang Israel

[1]Ito ngayon ang tanong ko: Itinakwil ba ng Diyos ang kanyang sariling bayan? Hinding-hindi! Sa katunayan, ako man ay isang Israelita, mula sa lahi ni Abraham at kabilang sa lipi ni Benjamin.

[2]Hindi itinakwil ng Diyos ang kanyang bayan na sa simula pa'y pinili na niya. Hindi ba ninyo alam ang sinasabi ng kasulatan tungkol kay Elias? Dumaing siya sa Diyos laban sa Israel.

[3]Sinabi niya, "Panginoon, pinatay nila ang iyong mga propeta at giniba ang iyong mga altar. Ako na lamang ang natitira, at gusto pa nila akong patayin!"

[4]Ngunit ano ang sagot sa kanya ng Diyos? "Nagtira ako ng pitong libong lalaking hindi sumamba sa diyus-diyosang si Baal."

[5]Ganoon din sa kasalukuyan; mayroon pang nalalabing mga hinirang ng Diyos dahil sa kanyang kagandahang-loob.

[6]At kung iyon ay dahil sa kanyang kagandahang-loob, maliwanag na iyon ay hindi dahil sa gawa, sapagkat kung ang ginawa ng tao ang batayan, hindi na iyon masasabing kagandahang-loob.

[7]Ano ngayon? Hindi nakamtan ng bansang Israel ang kanyang minimithi. Ang mga hinirang lamang ang nagkamit nito ngunit matigas ang ulo ng iba.

[8]Tulad ng nasusulat: "Binigyan sila ng Diyos ng mapurol na diwa, mga matang hindi makakita at mga taingang hindi makarinig, hanggang sa panahong ito."

[9]At sinabi rin ni David, "Maging bitag at patibong nawa ang kanilang pagpipista, isang katitisuran at parusa sa kanila.

[10]Lumabo nawa ang kanilang mata nang hindi sila makakita, at sila'y makuba sa hirap habang buhay."

[11]Ito naman ang tanong ko ngayon: Ang pagkatisod ba nila ay upang sila'y tuluyan nang mabuwal? Hinding-hindi! Sa halip, dahil sa kanilang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

kasalanan, ang kaligtasan ay nakarating sa mga Hentil upang mainggit ang mga Israelita sa mga ito.

12Ngayon, kung ang kasalanan ng mga Israelita ay nagdulot ng masaganang pagpapala sa sanlibutan, at kung ang kanilang pagbagsak ay nagdulot ng masaganang pagpapala sa mga Hentil, gaano pa kaya kapag nagbalik-loob sa Diyos ang buong Israel!

**Ang Kaligtasan ng mga Hentil**

13Ito naman ang sasabihin ko sa inyo, mga Hentil. Dahil ako'y apostol para sa inyo, ipinagmamalaki ko ang aking katungkulan.

14Ginagawa ko ito upang inggitin ang aking mga kababayang Judio, at nang sa gayon ay maligtas kahit ang ilan sa kanila.

15Kung ang pagkatakwil sa kanila ay naging daan upang ipagkasundo sa Diyos ang sanlibutan, ang muling pagtanggap sa kanila ng Diyos ay matutulad sa muling pagkabuhay ng patay!

16Kung banal ang unang tinapay mula sa masa ng harina, gayundin ang buong masa. At kung ang ugat ng punongkahoy ay banal, gayundin ang mga sanga nito.

17Kung pinutol ang ilang sanga ng punong olibo, at ikaw na sanga ng olibong ligaw ang idinugtong sa puno upang makabahagi sa buhay na nanggagaling sa ugat ng punong ito,

18huwag kang magmalaki sa mga sangang pinutol. Alalahanin mong hindi ikaw ang bumubuhay sa mga ugat; ang mga ugat ang bumubuhay sa iyo.

19Sasabihin mo naman, “Pinutol ang mga sanga upang ako'y maidugtong.”

20Totoo iyan. Pinutol sila dahil hindi sila sumampalataya, ngunit ikaw naman ay nananatili sa puno dahil sa iyong pananampalataya. Kaya't huwag kang magmalaki, sa halip ay matakot ka.

21Sapagkat kung ang mga tunay na sanga ay hindi pinanghinayangan ng Diyos, ikaw pa kaya ang panghinayangan niya?

22Dito'y nakikita natin ang kabutihan at kabagsikan ng Diyos. Naging mabagsik siya sa mga hindi sumasampalataya sa kanya, subalit mabuti siya sa inyo, kung mananatili kayo sa kanyang kabutihan. Kung hindi, kayo ma'y puputulin din.

23Ang mga Judio'y idudugtong niyang muli sa puno kung sila ay sasampalataya, sapagkat kayang gawin iyon ng Diyos.

24Kung ikaw na sangang galing sa olibong ligaw ay naidugtong sa tunay na olibo, kahit na ito'y salungat sa kalikasan, lalo pang madaling idugtong sa puno ang mga talagang sanga nito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Nahahabag ang Diyos sa Lahat

25Mga kapatid, isang hiwaga ang nais kong malaman ninyo upang hindi maging mataas ang palagay ninyo sa inyong sarili. Ang pagmamatigas ng Israel ay sa isang bahagi lamang hanggang sa mabuo ang takdang bilang ng lahat ng mga Hentil na lalapit sa Diyos.

26Sa paraang ito, maliligtas ang buong Israel; tulad ng nasusulat: “Magmumula sa Zion ang Tagapagligtas. Papawiin niya ang kasamaan sa lahi ni Jacob.

27At ito ang gagawin kong kasunduan namin kapag pinawi ko na ang kanilang mga kasalanan.”

28Dahil tinanggihan ng mga Israelita ang Magandang Balita, sila'y naging kaaway ng Diyos, at kayong mga Hentil ang nakinabang. Ngunit dahil sa sila ang mga hinirang ng Diyos, sila'y mahal pa rin niya, alang-alang sa kanilang mga ninuno.

29Sapagkat hindi nagbabago ng isip ang Diyos tungkol sa kanyang mga kaloob at pagtawag.

30Noon, kayong mga Hentil ay hindi sumusunod sa Diyos, ngunit ngayon, kayo ay tumanggap ng habag ng Diyos nang sumuway ang mga Judio.

31Gayundin naman, dahil sa habag ng Diyos na inyong naranasan, sinusuway naman ngayon ng mga Judio ang Diyos, nang sa gayo'y maranasan din nila [ngayon] ang kanyang habag.

32Sapagkat hinayaan ng Diyos na maalipin sa pagsuway ang lahat ng tao upang maipadama niya sa kanila ang kanyang habag.

### Papuri sa Diyos

33Lubhang napakasagana ng kayamanan ng Diyos! Di matarok ang kanyang karunungan at kaalaman! Sino ang makakapagpaliwanag ng kanyang mga kapasyahan? Sino ang makakaunawa ng kanyang mga pamamaraan? Gaya ng nasusulat,

34“Sino ang nakakaalam sa pag-iisip ng Panginoon? Sino ang maaaring maging tagapayo niya?

35Sino ang nakapagbigay ng anuman sa kanya na dapat niyang bayaran?”

36Sapagkat ang lahat ng bagay ay mula sa kanya, sa pamamagitan niya, at pag-aari niya. Sa kanya ang karangalan magpakailanman! Amen.

## Mga Taga-Roma 12

### Pamumuhay Cristiano

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[1]Kaya nga, mga kapatid, alang-alang sa masaganang habag ng Diyos sa atin, ako'y nakikiusap sa inyo na ialay ninyo ang inyong sarili bilang isang handog na buháy, banal at kalugud-lugod sa Diyos. Ito ang karapat-dapat na pagsamba ninyo sa Diyos.

[2]Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos.

[3]Dahil sa kagandahang-loob ng Diyos sa akin, sinasabi ko sa bawat isa sa inyo, huwag ninyong pahalagahan ang inyong sarili nang higit sa nararapat. Sa halip, pakaisipin ninyong mabuti ang tunay ninyong katayuan ayon sa sukat ng pananampalatayang ipinagkaloob ng Diyos sa bawat isa sa inyo.

[4]Kung paanong ang katawan ay binubuo ng maraming bahagi at magkakaiba ang gawain ng mga ito,

[5]gayundin naman, kahit na tayo'y marami, nabubuo tayo sa iisang katawan ni Cristo, at tayong lahat ay bahagi ng isa't isa.

[6]Tumanggap tayo ng iba't ibang kaloob ayon sa kagandahang-loob ng Diyos, kaya't gamitin natin ang mga kaloob na iyan. Kung ang ating kaloob ay pagsasalita ng pahayag mula sa Diyos, magpahayag tayo ayon sa sukat ng ating pananampalataya.

[7]Kung paglilingkod ang ating kaloob, maglingkod tayo. Magturo ang tumanggap ng kaloob sa pagtuturo.

[8]Magpalakas ng loob ang may kaloob sa pagpapalakas ng loob. Kung pagbibigay ang inyong kaloob, magbigay kayo nang buong puso; kung pamumuno naman, mamuno kayo nang buong sikap. Kung pagkakawanggawa ang inyong kaloob, gawin ninyo iyan nang buong galak.

[9]Maging tunay ang inyong pagmamahalan. Kasuklaman ninyo ang masama at pakaibigin ang mabuti.

[10]Magmahalan kayo bilang magkakapatid at pahalagahan ninyo ang iba nang higit sa pagpapahalaga nila sa inyo.

[11]Magpakasipag kayo at huwag maging tamad. Buong puso kayong maglingkod sa Panginoon.

[12]Magalak kayo dahil sa inyong pag-asa, magtiyaga kayo sa inyong kapighatian at palaging manalangin.

[13]Tumulong kayo sa pangangailangan ng mga kapatid at patuluyin ninyo ang mga taga-ibang lugar.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Idalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo; idalangin ninyo sila at huwag sumpain.

15Makigalak kayo sa mga nagagalak, at makitangis sa mga tumatangis.

16Magkaisa kayo ng saloobin. Huwag kayong magmayabang, sa halip ay makisama kayo kahit sa mga dukha. Huwag ninyong ipalagay na kayo'y napakarunong.

17Huwag ninyong gantihan ng masama ang masama. Sikapin ninyong mamuhay nang marangal sa harap ng lahat ng mga tao.

18Hangga't maaari, gawin ninyo ang inyong makakaya upang mamuhay kayo nang mapayapa kasama ng sinuman.

19Mga minamahal, huwag kayong maghihiganti; ipaubaya ninyo iyon sa galit ng Diyos. Sapagkat nasusulat, “Akin ang paghihiganti, ako ang gaganti, sabi ng Panginoon.”

20Sa halip, “Kung nagugutom ang iyong kaaway, pakainin mo; kung nauuhaw, painumin mo; sa gayon ay magbubunton ka ng mga baga sa kanyang ulo.”

21Huwag kayong magpadaig sa masama, kundi daigin ninyo ng mabuti ang masama.

## Mga Taga-Roma 13

### Paggalang sa Pamahalaan

1Ang bawat tao'y dapat pasakop sa mga pinuno ng pamahalaan, sapagkat walang pamahalaang hindi mula sa Diyos, at ang Diyos ang nagtatag ng mga pamahalaang umiiral.

2Kaya nga, ang lumalaban sa pamahalaan ay lumalaban sa itinalaga ng Diyos; at sila'y nararapat sa parusa.

3Ang mga pinuno ay hindi dapat katakutan ng taong gumagawa ng mabuti. Ang mga gumagawa lamang ng masama ang dapat matakot. Kung ayaw mong matakot sa mga namumuno, gumawa ka ng mabuti, at pararangalan ka nila.

4Sila'y mga lingkod ng Diyos para sa ikabubuti mo. Ngunit kung gumagawa ka ng masama, dapat kang matakot dahil sila'y may kapangyarihang magparusa. Sila'y mga lingkod ng Diyos, na nagpaparusa sa mga gumagawa ng masama.

5Kaya nga, dapat kayong pasakop sa kanila, hindi lamang upang hindi kayo maparusahan, kundi alang-alang na rin sa inyong budhi.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6 Iyan din ang dahilan kung bakit kayo nagbabayad ng buwis. Ang mga pinuno ng pamahalaan ay mga lingkod ng Diyos at ito ang kanilang tungkulin.

7 Ibigay ninyo sa bawat isa ang nararapat sa kanya. Magbayad kayo sa mga dapat bayaran at magbigay kayo ng buwis sa dapat buwisan; igalang ninyo ang dapat igalang at parangalan ninyo ang dapat parangalan.

**Mga Tungkulin sa Kapwa**

8 Huwag kayong magkaroon ng sagutin kaninuman, maliban na kayo'y magmahalan sa isa't isa, sapagkat ang nagmamahal sa kapwa ay nakatupad na sa Kautusan.

9 Ang mga utos gaya ng, “Huwag kang mangangalunya; huwag kang papatay; huwag kang magnanakaw; huwag mong pagnanasaang maangkin ang pag-aari ng iba;” at alinmang utos na tulad ng mga ito ay nauuwing lahat sa iisang utos, “Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.”

10 Ang umiibig ay hindi gumagawa ng masama kaninuman, kaya't ang pag-ibig ang katuparan ng Kautusan.

11 Gawin ninyo ito, dahil alam ninyong panahon na upang gumising kayo. Ang pagliligtas sa atin ay higit nang malapit ngayon kaysa noong tayo'y unang sumampalataya sa Panginoon.

12 Namamaalam na ang gabi at malapit nang lumiwanag. Layuan na natin ang lahat ng masasamang gawain at italaga natin ang sarili sa paggawa ng mabuti.

13 Mamuhay tayo sa liwanag at huwag gugulin ang panahon sa magulong pagsasaya at paglalasing, kahalayan at kalaswaan, sa alitan at inggitan.

14 Gawin ninyo ang Panginoong Jesu-Cristo bilang sandata at huwag ninyong pagbigyan ang laman upang masunod ang mga hilig nito.

## Mga Taga-Roma 14

**Huwag Hatulan ang Inyong Kapatid**

1 Tanggapin ninyo ang mahihina sa kanilang paniniwala, at huwag makipagtalo sa kanya tungkol sa kanyang kuru-kuro.

2 May naniniwalang maaari siyang kumain ng anuman, ngunit gulay lamang ang kinakain ng mahina sa kanyang paniniwala.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Huwag hamakin ng taong kumakain ng anuman ang taong kumakain ng gulay lamang. At huwag namang hatulan ng kumakain ng gulay lamang ang taong kumakain ng anuman, sapagkat siya'y tinatanggap din ng Diyos.

4Sino ka upang humatol sa lingkod ng iba? Ang panginoon lamang niya ang makahahatol kung siya'y karapat-dapat o hindi. At ituturing naman siyang karapat-dapat sapagkat kayang gawin iyon ng Panginoon.

5May nagpapahalaga sa isang araw nang higit kaysa ibang mga araw. May naniniwala namang pare-pareho ang lahat ng araw. Dapat tiyakin ng bawat isa kung ano ang kanyang pasya tungkol sa bagay na ito.

6Ang nagpapahalaga sa isang araw ay nagpapahalaga rito alang-alang sa Panginoon. Ang kumakain ng anuman ay kumakain niyon alang-alang sa Panginoon, sapagkat nagpapasalamat siya sa Diyos. Iyon namang hindi kumakain ng ilang uri ng pagkain ay gumagawa ng ganoon alang-alang din sa Panginoon, at nagpapasalamat din siya sa Diyos.

7Walang sinuman sa atin ang nabubuhay o namamatay para sa sarili lamang.

8Kung tayo'y nabubuhay, para sa Panginoon tayo nabubuhay; at kung tayo'y namamatay, para sa Panginoon tayo namamatay. Kaya nga, sa mabuhay o sa mamatay, tayo'y sa Panginoon.

9Sapagkat si Cristo ay namatay at muling nabuhay upang maging Panginoon ng mga patay at ng mga buháy.

10Ngunit ikaw, bakit mo hinahatulan ang iyong kapatid? At ikaw naman, bakit mo hinahamak ang iyong kapatid? Tayong lahat ay haharap sa hukuman ng Diyos.

11Sapagkat nasusulat, “Sabi ng Panginoon, ‘Dahil ako'y buháy, ang lahat ay luluhod sa harap ko, at ang bawat isa'y magpupuri sa Diyos.’”

12Kaya't bawat isa sa atin ay magbibigay-sulit sa Diyos.

**Huwag Maging Sanhi ng Pagkakasala ng Iba**

13Huwag na tayong humatol sa isa't isa. Huwag rin tayong maging dahilan ng pagkatisod o pagkakasala ng ating kapatid.

14Dahil sa aking pakikipag-isa sa Panginoong Jesus, natitiyak kong walang anumang likas na marumi. Ngunit kung ang sinuman ay naniniwalang marumi ang anumang bagay, marumi nga iyon sa kanya.

15Kaya, kung dahil sa kinakain mo ay natitisod ang iyong kapatid, hindi na ayon sa pag-ibig ang ginagawa mo. Huwag mong ipahamak ang taong tinubos ng kamatayan ni Cristo dahil sa iyong kinakain.

16Pag-ingatan mong ang inaakala mong mabuti ay huwag masamain ng iba.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Sapagkat ang paghahari ng Diyos ay hindi tungkol sa pagkain o inumin; ito ay tungkol sa matuwid na pamumuhay, kapayapaan, at kagalakan na ipinagkakaloob ng Espiritu Santo.

18Ang naglilingkod kay Cristo nang may ganitong kaisipan ay kinalulugdan ng Diyos at iginagalang ng mga tao.

19Kaya't lagi nating pagsikapang gawin ang mga bagay na makakapagdulot ng kapayapaan at makakapagpalakas sa isa't isa.

20Huwag ninyong sirain ang ginawa ng Diyos dahil lamang sa pagkain. Lahat ng pagkain ay malinis at maaaring kainin. Ngunit hindi mabuti na magkakasala ang iba dahil sa iyong kinakain.

21Mabuti ang huwag nang kumain ng karne o uminom ng alak o gumawa ng anumang magiging sanhi ng pagkakasala ng iyong kapatid.

22Ikaw at ang Diyos lamang ang dapat makaalam ng iyong paniniwala tungkol sa bagay na ito. Pinagpala ang taong hindi sinusumbatan ng kanyang budhi kapag ginagawa niya ang mga bagay na pinaniniwalaan niyang tama.

23Ngunit ang sinumang kumakain sa kabila ng kanyang pag-aalinlangan ay nagkakasala, sapagkat hindi siya nagiging tapat sa kanyang paniniwala. Ang paggawa ng anuman na labag sa sariling paniniwala ay kasalanan.

## Mga Taga-Roma 15

### Bigyang-kasiyahan ang Kapwa, Huwag ang Sarili

1Tayong malalakas sa paniniwala ay dapat tumulong sa mahihina at huwag ang pansariling kasiyahan lamang ang ating isipin.

2Sikapin nating lahat na itaguyod ang kapakanan ng ating kapwa para sa kanyang ikalalakas.

3Sapagkat maging si Cristo man ay hindi naghangad ng sariling kasiyahan subalit nagpaubaya; tulad ng nasusulat, “Ako ang binagsakan ng mga pag-alipusta na sa iyo ipinapatama.”

4Anumang nasa Kasulatan noon pang una ay nasulat sa ikatututo natin, upang sa pamamagitan ng pagtitiis at sa pagpapalakas ng loob mula sa kasulatan ay magkaroon tayo ng pag-asa.

5Ipagkaloob nawa ng Diyos, na siyang nagbibigay sa atin ng katatagan at lakas ng loob, na kayo'y mamuhay nang may pagkakaisa ayon kay Cristo Jesus,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6upang sa gayon, nagkakaisa kayong magpupuri sa Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

### Ang Magandang Balita ay para rin sa mga Hentil

7Kung paanong kayo'y malugod na tinanggap ni Cristo, tanggapin ninyo ang isa't isa upang mapapurihan ang Diyos.

8Sinasabi ko sa inyo, si Cristo'y naglingkod sa mga Judio upang patunayang ang Diyos ay tapat, at tumutupad sa mga pangako niya sa kanilang mga ninuno,

9at upang ang mga Hentil naman ay magpuri sa Diyos dahil sa kanyang habag. Tulad ng nasusulat, "Kaya't sa gitna ng mga Hentil, ika'y aking pupurihin, At aawitan ko ang iyong pangalan."

10Sinabi rin, "Magalak kayo mga Hentil, kasama ng kanyang bayan!"

11At muling sinabi, "Magpuri kayo sa Panginoon, kayong mga Hentil, lahat ng bansa ay magpuri sa kanya!"

12Sinabi pa ni Isaias, "May isisilang sa angkan ni Jesse, upang maghari sa mga Hentil; siya ang kanilang magiging pag-asa."

13Puspusin nawa kayo ng Diyos na siyang bukal ng pag-asa, at nawa ay pagkalooban niya kayo ng kagalakan at kapayapaan sa pamamagitan ng inyong pananampalataya, upang mag-umapaw ang inyong pag-asa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

### Ang Dahilan ng Pagsulat ni Pablo

14Mga kapatid, lubos akong naniniwalang kayo mismo ay puspos ng kabutihan at punô ng kaalaman, kaya't matuturuan na ninyo ang isa't isa.

15Gayunman, sa sulat na ito'y naglakas-loob akong paalalahanan kayo tungkol sa ilang bagay. Ginawa ko ito dahil sa kagandahang-loob ng Diyos sa akin

16upang maging lingkod ni Cristo Jesus at gumanap ng tungkulin gaya ng isang pari sa mga Hentil. Ipinapangaral ko sa kanila ang Magandang Balita ng Diyos upang sila'y maging handog na kalugud-lugod sa kanya, dahil sila ay ginawang banal ng Espiritu Santo.

17Kaya't sa pakikiisa ko kay Cristo Jesus, maipagmamalaki ko ang aking paglilingkod sa Diyos.

18Wala akong pinapangahasang ipagmalaki kundi ang ginawa ni Cristo upang maakit ang mga Hentil na sumunod sa Diyos sa pamamagitan ng aking mga salita at gawa,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19sa tulong ng mga himala at mga kababalaghan, at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu ng Diyos. Kaya't mula sa Jerusalem hanggang sa Ilirico, ipinangaral ko ang Magandang Balita tungkol kay Cristo.

20Ang hangad ko'y ipangaral ito sa mga lugar na hindi pa nakikilala si Cristo, upang hindi ako magtayo sa pundasyon ng iba.

21Subalit tulad ng nasusulat, “Makakakilala ang hindi pa nakakabalita tungkol sa kanya. Makakaunawa ang hindi pa nakakarinig tungkol sa kanya.”

**Ang Balak ni Pablong Dumalaw sa Roma**

22Iyan ang dahilan kung bakit hindi ako matuluy-tuloy sa pagpunta sa inyo.

23Ngunit ngayong tapos na ang gawain ko sa lupaing ito, at dahil matagal ko na ring gustong pumunta riyan,

24inaasahan kong magkikita-kita tayo pagdaan ko riyan papuntang Espanya. Inaasahan ko ring ako'y tutulungan ninyong makarating doon matapos nating magkasama-sama nang sandaling panahon.

25Ngunit sa ngayon ay pupunta muna ako sa Jerusalem upang dalhin ang tulong sa mga kapatid roon.

26Sapagkat minabuti ng mga taga-Macedonia at taga-Acaya na magpadala ng tulong para sa mga mahihirap na kapatid sa Jerusalem.

27Malugod nilang ginawa iyon, at talaga namang dapat nilang gawin. Dahil ang mga Hentil ay nakabahagi sa mga pagpapalang espirituwal ng mga Judio, marapat lamang na bahaginan nila ang mga Judio sa pamamagitan ng mga pagpapalang materyal.

28Kaya't pagkabigay ko ng nasabing tulong sa mga kapatid sa Jerusalem, daraan ako riyan pagpunta ko sa Espanya.

29Naniniwala akong pagpunta ko riyan ay taglay ko ang masaganang pagpapala ni Cristo.

30Mga kapatid, nakikiusap ako sa inyo, alang-alang sa ating Panginoong Jesu-Cristo at sa pag-ibig ng Espiritu, tulungan ninyo ako sa pamamagitan ng inyong taimtim na pananalangin para sa akin.

31Idalangin ninyong maligtas ako mula sa mga taga-Judea na ayaw sumampalataya, at nawa'y tanggapin ng mga kapatid sa Jerusalem ang paglilingkod ko para sa kanila.

32Sa gayon, kung loloobin ng Diyos, masaya akong makakarating diyan at muling pasiglahin sa inyong piling.

33Sumainyo nawa ang Diyos na pinagmumulan ng kapayapaan. Amen.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Taga-Roma 16

### Mga Pangungumusta

1 Itinatagubilin ko sa inyo ang ating kapatid na si Febe, na isang tagapaglingkod ng iglesya sa Cencrea.

2 Tanggapin ninyo siya alang-alang sa Panginoon, gaya ng nararapat gawin sa mga hinirang ng Diyos. Tulungan ninyo siya sa anumang pangangailangan niya sapagkat marami siyang natulungan, at ako'y isa sa mga iyon.

3 Ikumusta ninyo ako kina Priscila at Aquila na mga kamanggagawa ko kay Cristo Jesus.

4 Itinaya nila ang kanilang sarili sa panganib upang iligtas ang aking buhay, at hindi lamang ako ang nagpapasalamat sa kanila, pati na rin lahat ng iglesya ng mga Hentil.

5 Ikumusta rin ninyo ako sa iglesyang nagtitipon sa kanilang bahay. Ipaabot din ninyo ang aking pangungumusta sa mahal kong kaibigang si Epeneto na siyang unang sumampalataya kay Cristo doon sa Asia.

6 Ikumusta ninyo ako kay Maria na matiyagang naglilingkod para sa inyo.

7 Ikumusta ninyo ako sa mga kababayan kong sina Andronico at Junia, na nakasama ko sa bilangguan; sila'y kilala ng mga apostol at naunang naging Cristiano kaysa sa akin.

8 Ikumusta ninyo ako kay Ampliato na aking minamahal sa Panginoon,

9 kay Urbano, na kamanggagawa natin kay Cristo, at sa mahal kong kaibigang si Estaquis.

10 Ikumusta din ninyo ako kay Apeles na subok ang katapatan kay Cristo, sa pamilya ni Aristobulo,

11 sa kababayan kong si Herodion, at sa mga kapatid sa Panginoon sa sambahayan ni Narciso.

12 Gayundin kina Trifena at Trifosa na mga lingkod ng Panginoon, at sa mahal kong kaibigang si Persida, na marami nang nagawa para sa Panginoon.

13 Binabati ko rin si Rufo na magiting na lingkod ng Panginoon, at ang kanyang ina na para ko na ring ina;

14 gayundin sina Asincrito, Flegonte, Hermes, Patrobas, Hermas, at sa mga kapatid na kasama nila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Binabati ko rin sina Filologo, Julia, Nereo at ang kanyang kapatid na babae; gayundin si Olimpas at ang lahat ng kapatid na kasama nila.

16Magbatian kayo bilang magkakapatid na nagmamahalan. Binabati kayo ng lahat ng mga iglesya ni Cristo.

**Mga Dagdag na Tagubilin**

17Mga kapatid, nakikiusap ako sa inyo: mag-ingat kayo sa mga pasimuno ng mga pagkakampi-kampi at sanhi ng pagtalikod dahil sa pagsalungat nila sa aral na tinanggap ninyo. Iwasan ninyo sila.

18Ang mga taong gayon ay hindi naglilingkod kay Cristo na Panginoon natin, kundi sa pansariling hangarin. Inililigaw nila ang mga may mahinang pag-iisip sa pamamagitan ng kaakit-akit at matatamis na pangungusap.

19Balitang-balita ang inyong pagkamasunurin kay Cristo, at ikinagagalak ko ito. Ngunit nais kong maging matalino kayo tungkol sa mga bagay na mabuti at walang muwang tungkol sa masama.

20Ang Diyos ang bukal ng kapayapaan at malapit na niyang pasukuin sa inyo si Satanas. Sumainyo nawa ang kagandahang-loob ng ating Panginoong Jesus.

21Binabati kayo ni Timoteo na aking kamanggagawa, gayundin ng mga kababayan kong sina Lucio, Jason at Sosipatro.

22Akong si Tercio, na tagasulat ng liham na ito, ay bumabati sa inyo sa pangalan ng Panginoon.

23Kinukumusta kayo ni Gaius na tinutuluyan ko; sa bahay niya nagtitipon ang buong iglesya. Kinukumusta rin kayo ni Erasto na ingat-yaman ng
lungsod, at ng ating kapatid na si Cuarto. [24Nawa'y pagpalain kayong lahat
ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Amen.]

**Pangwakas na Pagpupuri**

[25Purihin ang Diyos na makapagpapalakas sa inyo sa pamamagitan ng Magandang Balita tungkol kay Jesu-Cristo na ipinapangaral ko. Ang Magandang Balitang iyan ay isang hiwagang naitago sa loob ng mahabang panahon,

26subalit sa utos ng walang-hanggang Diyos ay nahayag ngayon sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng mga isinulat ng mga propeta, upang ang lahat ay sumunod dahil sa kanilang pananampalataya sa kanya.

27Sa iisang Diyos, na sa lahat ay ganap ang karunungan—sa kanya iukol ang karangalan magpakailanman sa pamamagitan ni Jesu-Cristo! Amen.]

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 1 Mga Taga-Corinto

## 1 Mga Taga-Corinto 1

1Mula kay Pablo na tinawag ayon sa kalooban ng Diyos upang maging
apostol ni Cristo Jesus, at mula kay Sostenes na ating kapatid,

2para sa iglesya ng Diyos na nasa Corinto, sa mga tinawag upang maging
kabilang sa sambayanan ng Diyos sa pamamagitan ng pakikipag-isa kay
Cristo Jesus, gayundin sa lahat ng tao na nasa lahat ng dako na tumatawag
sa pangalan ni Jesu-Cristo, na Panginoon nating lahat.

3Sumainyo nawa ang pagpapala at kapayapaan mula sa Diyos na ating Ama
at mula sa Panginoong Jesu-Cristo.

**Mga Pagpapala Mula kay Cristo**

4Lagi akong nagpapasalamat sa Diyos dahil sa mga pagpapalang ibinigay
niya sa inyo sa pamamagitan ni Cristo Jesus.

5Dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo, kayo ay naging masagana sa lahat
ng bagay, maging sa pananalita at sa kaalaman.

6Ang katotohanan tungkol kay Cristo ay pinagtibay sa inyo

7kaya't hindi kayo nagkukulang sa anumang pagpapala, habang hinihintay
ninyo ang pagbabalik ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

8Kayo'y gagawin niyang matatag hanggang wakas upang matagpuan
kayong walang kapintasan sa araw ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

9Tapat ang Diyos na tumawag sa inyo upang makipag-isa sa kanyang Anak
na si Jesu-Cristo na ating Panginoon.

**Pagkakampi-kampi sa Iglesya**

10Mga kapatid, ako'y nakikiusap sa inyo, sa pangalan ng ating Panginoong
Jesu-Cristo, magkaisa kayo at huwag magkabaha-bahagi maging sa
pagkaunawa at pagpapasya.

11Sapagkat ibinalita sa akin ng mga kasamahan ni Cloe na kayo raw ay nag-
aaway-away.

12Ito ang tinutukoy ko: may nagsasabing, “Kay Pablo ako;” may nagsasabi
namang, “Ako'y kay Apolos.” May iba pa ring nagsasabi, “Kay Pedro ako,”
at may iba namang nagsasabi, “Ako'y kay Cristo.”

13Bakit? Nahati ba si Cristo? Si Pablo ba ang ipinako sa krus para sa inyo?
Binautismuhan ba kayo sa pangalan niya?

14Salamat sa Diyos at wala akong binautismuhan sa inyo maliban kina
Crispo at Gaius,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15kaya hindi ninyo masasabing kayo'y binautismuhan sa aking pangalan.

16Ako nga rin pala ang nagbautismo sa sambahayan ni Estefanas. Maliban sa kanila'y wala na akong natatandaang binautismuhan ko.

17Sapagkat isinugo ako ni Cristo, hindi upang magbautismo kundi upang mangaral ng Magandang Balita, at hindi sa pamamagitan ng mahusay na pagtatalumpati at karunungan ng tao, nang sa gayon ay hindi mawalan ng kabuluhan ang pagkamatay ni Cristo sa krus.

**Si Cristo ang Kapangyarihan at Karunungan ng Diyos**

18Ang mensahe tungkol sa pagkamatay ni Cristo sa krus ay kahangalan para sa mga taong napapahamak, ngunit ito'y kapangyarihan ng Diyos para sa ating mga naliligtas.

19Sapagkat nasusulat, “Sisirain ko ang karunungan ng marurunong at gagawin kong walang saysay ang katalinuhan ng matatalino.”

20Ano ngayon ang kabuluhan ng marurunong, ng mga tagapagturo ng Kautusan, ng mahuhusay na debatista sa kapanahunang ito? Ipinapakita ng Diyos na ang karunungan ng sanlibutang ito ay pawang kahangalan lamang.

21Sapagkat ayon sa karunungan ng Diyos, hindi niya pinahintulutang siya'y makilala ng tao sa pamamagitan ng kanilang karunungan. Sa halip, minarapat niyang iligtas ang mga nagpapasakop sa kanya sa pamamagitan ng Magandang Balita na aming ipinapangaral, na sa tingin ng iba'y isang kahangalan.

22Ang mga Judio'y humihingi ng himala bilang katunayan. Karunungan naman ang hinahanap ng mga Griego.

23Ngunit ang ipinapangaral namin ay si Cristo na ipinako sa krus, na para sa mga Judio ay isang katitisuran at para sa mga Hentil ay isang kahangalan.

24Subalit sa mga tinawag ng Diyos, maging Judio o maging Griego, si Cristo ang kapangyarihan at karunungan ng Diyos.

25Sapagkat ang inaakala nilang kahangalan ng Diyos ay karunungang higit pa sa karunungan ng tao, at ang inaakala nilang kahinaan ng Diyos ay kalakasang higit pa sa kalakasan ng tao.

26Mga kapatid, alalahanin ninyo ang inyong katayuan noong kayo'y tawagin ng Diyos. Ayon sa pamantayan ng tao ay iilan lamang sa inyo ang matatawag na marunong, makapangyarihan at maharlika.

27Subalit pinili ng Diyos ang mga naturingang hangal sa sanlibutan upang hiyain ang marurunong, at pinili niya ang mga naturingang mahihina upang hiyain ang malalakas.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

28Pinili niya ang mga pangkaraniwang tao, mga hinahamak, at mga mahihina sa sanlibutang ito upang ipawalang saysay ang mga kinikilala ng sanlibutan.

29Kaya't walang sinumang makakapagmalaki sa harap ng Diyos.

30Sa kanya nagmula ang buhay na taglay ninyo dahil sa pakikipag-isa ninyo kay Cristo Jesus na siyang ginawang karunungan natin. Sa pamamagitan din niya, tayo'y itinuring na matuwid, ginawang banal at iniligtas ng Diyos.

31Kaya nga, tulad ng nasusulat, "Ang sinumang nais magmalaki, ang ginawa ng Panginoon ang kanyang ipagmalaki."

## 1 Mga Taga-Corinto 2

### Ang Ipinapangaral ni Pablo

1Mga kapatid, nang ako'y pumunta riyan, ipinahayag ko sa inyo ang hiwaga ng Diyos hindi sa pamamagitan ng kahusayan ng pananalita o ng malawak na karunungan.

2Sapagkat noong ako'y nariyan, ipinasya kong wala akong ibang ipapaalam sa inyo maliban kay Jesu-Cristo at ang kanyang kamatayan sa krus.

3Noong ako'y nariyan, ako'y nanghihina at nanginginig sa takot.

4Sa aking pananalita at pangangaral ay hindi ko sinubukang hikayatin kayo sa pamamagitan ng mahuhusay na talumpati at karunungan ng tao. Subalit nangaral ako sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu

5upang ang inyong pananampalataya ay masandig sa kapangyarihan ng Diyos at hindi sa karunungan ng tao.

### Ang Karunungan ng Diyos

6Gayunpaman, sa mga taong matatag na sa buhay espirituwal ay nangangaral kami ng salita ng karunungan, hindi karunungan ng mundong ito, o ng mga tagapamahala sa mundong ito na ang kapangyarihan ay lilipas.

7Subalit ang ipinapahayag namin ay ang lihim na karunungan ng Diyos na hindi nahayag noong una, na itinalaga na niya para sa ating ikaluluwalhati bago pa likhain ang sanlibutan.

8Walang isa man sa mga tagapamahala sa daigdig na ito ang nakaunawa sa karunungang iyon, sapagkat kung naunawaan nila iyon, hindi sana nila ipinako sa krus ang Panginoon ng kaluwalhatian.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Subalit tulad ng nasusulat, “Hindi pa nakikita ng mata, o naririnig ng tainga, ni hindi pa sumasagi sa isip ng tao ang mga inihanda ng Diyos para sa mga umiibig sa kanya.”

10Ngunit ito'y inihayag na ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng Espiritu. Sinasaliksik ng Espiritu ang lahat ng bagay, maging ang mga pinakamalalim na bagay na may kinalaman sa Diyos.

11Walang nakakaalam sa iniisip ng isang tao maliban sa kanyang sariling espiritu. Gayundin naman, walang nakakaalam sa mga iniisip ng Diyos maliban sa Espiritu ng Diyos.

12Ang tinanggap natin ay hindi ang espiritu ng sanlibutan kundi ang Espiritu na mula sa Diyos upang maunawaan natin ang mga kaloob niya sa atin.

13Kaya nga, kami ay nangangaral hindi sa pamamagitan ng karunungan ng tao kundi sa pamamagitan ng Espiritu. Ang ipinapaliwanag namin ay mga katotohanang espirituwal para sa mga nagtataglay ng Espiritu.

14Sapagkat ang taong hindi nagtataglay ng Espiritu ay hindi kayang tumanggap ng mga kaloob mula sa Espiritu ng Diyos. Para sa kanila, kahangalan ang mga iyon at di nila nauunawaan, sapagkat ang mga bagay na espirituwal ay mauunawaan lamang sa paraang espirituwal.

15Nauunawaan ng taong nagtataglay ng Espiritu ang kahalagahan ng lahat ng bagay, ngunit hindi siya nauunawaan ng taong hindi nagtataglay ng Espiritu.

16“Sino ang nakakaalam ng pag-iisip ng Panginoon? Sino ang makapagpapayo sa kanya?” Ngunit nasa atin ang pag-iisip ni Cristo.

## 1 Mga Taga-Corinto 3

### Mga Lingkod ng Diyos

1Mga kapatid, hindi ko kayo makausap bilang mga taong nagtataglay ng Espiritu. Kailangang kausapin ko kayo bilang mga taong namumuhay pa ayon sa laman at mga sanggol pa sa pananampalataya kay Cristo.

2Gatas ang ibinigay ko sa inyo noon at hindi matigas na pagkain, sapagkat hindi ninyo kaya iyon. Subalit hanggang ngayon ay hindi pa rin ninyo kaya,

3sapagkat nananaig pa sa inyo ang laman. Ang inyong pag-iinggitan at pag-aaway-away ay palatandaan na makasanlibutan pa kayo at namumuhay ayon sa laman.

4Kapag sinasabi ng isa, “Ako'y kay Pablo,” at ng iba, “Ako'y kay Apolos,” hindi ba't palatandaan iyan na kayo'y namumuhay pa ayon sa laman?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Sino ba si Apolos at sino si Pablo? Kami'y mga lingkod lamang ng Diyos na kinasangkapan niya upang akayin kayo sa pananampalataya kay Cristo. Ginawa lamang ng bawat isa sa amin ang tungkuling ibinigay ng Panginoon.

6Ako ang nagtanim, si Apolos ang nagdilig, subalit ang Diyos ang nagpatubo at nagpalago.

7Hindi ang nagtatanim o nagdidilig ang mahalaga kundi ang Diyos, sapagkat siya ang nagpapatubo at nagpapalago.

8Ang nagtatanim at ang nagdidilig ay parehong manggagawa lamang, at bawat isa'y tatanggap ng gantimpala ayon sa kanyang pagsisikap.

9Kami'y kapwa manggagawa ng Diyos at kayo ang kanyang bukirin. Kayo rin ay gusali ng Diyos.

10Ayon sa kagandahang-loob ng Diyos sa akin, inilagay ko ang pundasyon, tulad ng isang mahusay na tagapagtayo. Iba naman ang nagpapatuloy sa pagtatayo ng gusali. Ngunit dapat maging maingat ang bawat nagtatayo,

11sapagkat wala nang ibang pundasyong maaaring ilagay maliban sa nailagay na, walang iba kundi si Jesu-Cristo.

12May nagtatayo na gumagamit ng ginto, pilak, o mahahalagang bato; mayroon namang gumagamit ng kahoy, damo, o dayami.

13Makikilala ang uri ng gawa ng bawat isa sa Araw ng Paghuhukom sapagkat mahahayag sa pamamagitan ng apoy kung anong uri ang ginawa ng bawat isa.

14Kung ang itinayo sa ibabaw ng pundasyon ay hindi masunog, tatanggap ng gantimpala ang nagtayo noon.

15Ngunit kung masunog naman, mawawalan siya ng gantimpala. Gayunman, maliligtas siya, kaya lang ay para siyang nagdaan sa apoy.

16Hindi ba ninyo alam na kayo'y templo ng Diyos at naninirahan sa inyo ang kanyang Espiritu?

17Paparusahan ng Diyos ang sinumang magwasak ng templo niya. Sapagkat banal ang templo ng Diyos, at kayo ang templong iyan.

18Huwag dayain ninuman ang kanyang sarili. Kung may nag-aakalang siya'y matalino ayon sa sanlibutang ito, aminin niyang siya'y mangmang upang maging tunay na marunong.

19Sapagkat ang karunungan ng sanlibutang ito ay kamangmangan sa paningin ng Diyos. Gaya ng nasusulat, “Ginagamit niya ang katusuhan ng mga marurunong para mabitag sila.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Gayundin, “Batid ng Panginoon na ang iniisip ng marurunong ay walang kabuluhan.”

[21]Kaya't huwag ipagmalaki ninuman na siya'y tagasunod ng sinuman, sapagkat ang lahat ay para sa inyo:

[22]si Pablo, si Apolos, at si Pedro, ang sanlibutang ito, ang buhay, ang kamatayan, ang kasalukuyan, at ang hinaharap; lahat ng ito'y para sa inyo.

[23]At kayo'y para kay Cristo, at si Cristo nama'y para sa Diyos.

## 1 Mga Taga-Corinto 4

### Mga Apostol ni Cristo

[1]Dapat ninyong kilalanin na kami'y mga lingkod ni Cristo at katiwala ng mga hiwaga ng Diyos.

[2]Ang katiwala'y kailangang maging tapat sa kanyang panginoon.

[3]Walang anuman sa akin kung ako'y hatulan ninyo, o ng alinmang hukuman ng tao; ako man ay hindi humahatol sa aking sarili.

[4]Malinis ang aking budhi, subalit hindi iyon katibayan na ako'y walang kasalanan. Ang Panginoon ang humahatol sa akin.

[5]Kaya't huwag kayong humatol nang wala pa sa panahon; maghintay kayo sa pagdating ng Panginoon. Siya ang maglalantad ng mga bagay na ngayo'y natatago sa kadiliman at maghahayag ng mga lihim na hangarin ng bawat isa. Sa panahong iyon, bawat isa'y bibigyan ng Diyos ng angkop na parangal.

[6]Mga kapatid, kami ni Apolos ang ginamit kong halimbawa para sa inyong kapakinabangan, upang matutuhan ninyo ang kahulugan ng kasabihang, “Huwag lalampas sa nasusulat.” Huwag ninyong ipagmalaki ang isang tao upang hamakin ang iba.

[7]Paano kayo nakakahigit sa iba? Hindi ba't lahat ng nasa inyo'y ibinigay lamang sa inyo ng Diyos? Kung gayon, bakit ninyo ipinagyayabang iyon na parang hindi kaloob sa inyo?

[8]Kayo pala'y nasisiyahan na! Mayayaman na pala kayo! Kayo pala'y mga hari na, at kami'y hindi. Sana nga'y naging hari na kayo upang kami man ay maghari ding kasama ninyo.

[9]Sa palagay ko, kaming mga apostol ang ginawa ng Diyos na pinakahamak sa lahat ng tao. Ang katulad namin ay mga taong nahatulan ng kamatayan; isang panoorin para sa sanlibutan, ng mga anghel at ng mga tao.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Kami'y mga hangal alang-alang kay Cristo; kayo nama'y marurunong dahil kay Cristo! Mahihina kami; kayo nama'y malalakas. Hinahamak kami; kayo nama'y pinaparangalan!

11Hanggang sa oras na ito, kami'y nagugutom, nauuhaw, at halos hubad; kami'y pinapahirapan at walang matirhan.

12Nagpapakahirap kami at nagbabanat ng buto para kumita ng ikabubuhay. Idinadalangin namin ang mga lumalait sa amin; kapag kami'y inuusig, nagtitiis kami.

13Kapag kami'y sinisiraan, mahinahon kaming sumasagot. Hanggang ngayon, kami'y parang maruming basahan, pinakahamak sa lahat ng tao sa mundo.

14Ito'y isinusulat ko, hindi upang hiyain kayo, kundi upang pangaralan bilang minamahal kong mga anak.

15Kahit magkaroon pa kayo ng napakaraming tagapagturo sa pamumuhay Cristiano, iisa lamang ang inyong ama. Sapagkat kayo'y naging mga anak ko sa pananampalataya kay Cristo Jesus sa pamamagitan ng Magandang Balitang ipinangaral ko sa inyo.

16Kaya't isinasamo ko sa inyo, tularan ninyo ako.

17Dahil dito, pinapunta ko riyan si Timoteo, ang aking minamahal at tapat na anak sa Panginoon. Ipapaalala niya sa inyo ang mga patakaran ko sa buhay sa pagsunod kay Cristo Jesus. Ang mga patakaran ding iyon ang itinuturo ko sa bawat iglesya sa lahat ng dako.

18Nagmamalaki ang ilan sa inyo dahil ang akala nila'y hindi na ako pupunta riyan.

19Ngunit kung loloobin ng Panginoon, ako'y pupunta riyan sa lalong madaling panahon. Titingnan ko kung anong kapangyarihan ang ipinagmamalaki ng mga iyan, at hindi lamang ang kanilang sinasabi.

20Sapagkat ang paghahari ng Diyos ay hindi sa salita, kundi sa kapangyarihan.

21Alin ang gusto ninyo? Dumating ako riyan na may dalang pamalo, o mayroong diwa ng pag-ibig at kahinahunan?

## 1 Mga Taga-Corinto 5

### Parusa sa Gumagawa ng Kahalayan

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Nakarating nga sa akin ang balitang mayroong kabilang sa inyo na gumagawa ng imoralidad; kinakasama niya ang asawa ng kanyang ama. Kahit mga pagano ay hindi gumagawa ng ganyang kahalayan!

2At nakukuha pa ninyong magmalaki! Dapat sana'y mahiya kayo at malungkot, at ang taong gumagawa ng ganoon ay dapat ninyong itiwalag!

3Kahit wala ako riyan sa katawan, nariyan naman ako sa espiritu, kaya't parang nariyan na rin ako. Ang gumagawa niyan ay hinatulan ko na

4sa pangalan ng ating Panginoong Jesus. Kapag kayo'y nagtipun-tipon, at ang espiritu ko ay nariyan, sa kapangyarihan ng ating Panginoong Jesus,

5ibigay ninyo kay Satanas ang taong iyan upang masira man ang kanyang katawan, maliligtas naman ang kanyang espiritu sa araw ng Panginoon.

6Hindi kayo dapat magmalaki. Hindi ba ninyo alam ang kasabihang, “Napapaalsa ng kaunting pampaalsa ang buong masa”?

7Alisin ninyo ang lumang pampaalsa, ang kasalanan, upang kayo'y maging malinis. Sa gayon, matutulad kayo sa isang bagong masa na walang pampaalsa, at talaga namang ganyan kayo. Sapagkat naihandog na ang ating Korderong Pampaskwa na walang iba kundi si Cristo.

8Kaya't ipagdiwang natin ang Paskwa, hindi sa pamamagitan ng tinapay na may lumang pampaalsa na kasamaan at kahalayan, subalit sa pamamagitan ng tinapay na walang pampaalsa, ang tinapay ng kalinisan at katapatan.

9Sinabi ko sa aking sulat na huwag kayong makikisama sa mga nakikiapid.

10Hindi ang mga di-mananampalatayang nakikiapid, sakim, magnanakaw, o sumasamba sa diyus-diyosan ang tinutukoy ko, sapagkat kinakailangan ninyong umalis sa mundong ito para sila'y maiwasan.

11Ang tinutukoy ko na huwag ninyong papakisamahan ay ang nagsasabing sila'y Cristiano ngunit nakikiapid, sakim, sumasamba sa diyus-diyosan, nanlalait, naglalasing, at nagnanakaw. Ni huwag kayong makikisalo sa ganyang uri ng tao.

12-13Wala akong karapatang humatol sa mga hindi Cristiano; ang Diyos ang hahatol sa kanila. Ngunit hindi ba't dapat ninyong hatulan ang mga nasa loob ng iglesya? Sabi nga sa kasulatan, “Itiwalag ninyo ang masamang tao.”

## 1 Mga Taga-Corinto 6

### Ayusin ang Awayan ng Kapatiran

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[1]Kung may reklamo ang sinuman sa inyo laban sa kanyang kapatid sa pananampalataya, bakit siya nagsasakdal sa mga hukom na di-mananampalataya, sa halip na ipaubaya sa mga hinirang ng Diyos ang pag-aayos ng usapin nila?

[2]Hindi ba ninyo alam na ang mga hinirang ng Diyos ang hahatol sa sanlibutan? Kung kayo ang hahatol sa sanlibutan, hindi ba ninyo kayang hatulan ang ganyang kaliit na bagay?

[3]Hindi ba ninyo alam na hahatulan natin ang mga anghel? Gaano na lang ang mga bagay na may kinalaman sa buhay na ito!

[4]Kung may mga usapin kayo, bakit ninyo ito idinudulog sa mga taong hindi kinikilala ng iglesya?

[5]Dapat kayong mahiya! Wala bang isa man lang sa inyo na marunong mag-ayos ng awayan ng magkakapatid?

[6]Bakit nagsasakdal kayo sa hukuman, kapatid laban sa kapatid, at sa harap pa naman ng mga di-mananampalataya?

[7]Ang pagkakaroon ninyo ng usapin laban sa isa't isa ay isa nang kabiguan sa inyo. Bakit hindi na lang ninyo hayaang gawan kayo ng masama? Bakit hindi na lamang ninyo hayaang madaya kayo?

[8]Subalit kayo mismo ang gumagawa ng masama at nandaraya, kahit na sa mga sarili ninyong mga kapatid sa pananampalataya.

[9]Hindi ba ninyo alam na ang mga makasalanan ay walang bahagi sa kaharian ng Diyos? Huwag ninyong dayain ang inyong sarili! Ang mga nakikiapid, sumasamba sa diyus-diyosan, nangangalunya, nakikipagtalik sa kapwa lalaki o kapwa babae,

[10]nagnanakaw, sakim, naglalasing, nanlalait ng kapwa, o nandaraya, ay walang bahagi sa kaharian ng Diyos.

[11]Ganyan ang ilan sa inyo noon. Subalit nilinis na kayo sa inyong mga kasalanan at ginawa na kayong banal ng Diyos. Pinawalang-sala na kayo sa pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo at sa pamamagitan ng Espiritu ng ating Diyos.

### Ang Katawan Ninyo'y Templo ng Diyos

[12]May magsasabi, “Malaya akong makagagawa ng kahit ano,” ngunit ang sagot ko naman ay “Hindi lahat ng bagay ay nakakabuti.” Maaari ko ring sabihin, “Malaya akong gumawa ng kahit ano,” ngunit hindi ako magpapaalipin sa anumang bagay.

[13]Sasabihin naman ng iba, “Ang pagkain ay para sa tiyan at ang tiyan ay para sa pagkain.” Totoo iyan, ngunit parehong sisirain ng Diyos ang mga ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Ang katawan ay hindi para sa imoralidad sapagkat ito'y para sa paglilingkod sa Panginoon, at ang Panginoon naman ang nag-aalaga sa katawan.

14Muling binuhay ng Diyos si Jesu-Cristo, at tayo man ay muling bubuhayin sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan.

15Hindi ba ninyo alam na ang inyong mga katawan ay mga bahagi ng katawan ni Cristo? Kukunin ko ba ang bahagi ng katawan ni Cristo upang gawing bahagi ng katawan ng isang babaing nagbebenta ng aliw? Hinding-hindi!

16Hindi ba ninyo alam na nagiging isa ang katawan ng bayarang babae at ng nakikipagtalik sa kanya? Sapagkat sinasabi sa kasulatan, “Ang dalawa'y magiging isa.”

17Ang nakikipag-isa sa Panginoon ay nakikipag-isa sa kanya sa espiritu.

18Iwasan ninyo ang imoralidad. Ang ibang kasalanang nagagawa ng tao ay hindi nakakasira sa katawan, ngunit ang gumagawa ng imoralidad ay nagkakasala laban sa sarili niyang katawan.

19Hindi ba ninyo alam na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo at ipinagkaloob ng Diyos sa inyo? Hindi ninyo pag-aari ang inyong katawan;

20sapagkat binili na kayo sa isang halaga. Kaya't gamitin ninyo ang inyong katawan upang maparangalan ang Diyos.

## 1 Mga Taga-Corinto 7

### Mga Katanungan tungkol sa Pag-aasawa

1Tungkol naman sa inyong sulat, ganito ang masasabi ko: Mabuti sa isang tao na huwag makipagtalik.

2Ngunit dahil sa lumalaganap na pakikiapid, bawat lalaki o babae ay dapat magkaroon ng sariling asawa.

3Dapat tuparin ng lalaki ang tungkulin niya sa kanyang asawa, at gayundin naman ang babae.

4Sapagkat hindi na ang babae ang may karapatan sa sarili niyang katawan kundi ang kanyang asawa. Gayundin naman, hindi na ang lalaki ang may karapatan sa sarili niyang katawan kundi ang kanyang asawa.

5Huwag ninyong ipagkait ang inyong sarili sa isa't isa, maliban na lamang kung napagkasunduan ninyong huwag munang magsiping sa maikling panahon upang maiukol ninyo ang inyong mga sarili sa pananalangin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Ngunit pagkatapos, muli kayong magsiping upang hindi kayo matukso ni Satanas dahil sa hindi na kayo makapagpigil.

6 Ang sinabi ko'y hindi utos kundi pag-unawa sa inyong kalagayan.

7 Nais ko sanang ang bawat isa ay makatulad ko. Ngunit ang bawat tao'y may kanya-kanyang kaloob mula sa Diyos at ang mga ito'y hindi pare-pareho.

8 Ito naman ang masasabi ko sa mga walang asawa at sa mga biyuda: mabuti pa sa kanila ang manatiling katulad ko na walang asawa.

9 Ngunit kung hindi sila makapagpigil sa sarili, mag-asawa na lang sila; mas mabuting mag-asawa kaysa hindi makapagpigil sa matinding pagnanasa.

10 Sa mga may asawa, ito ang iniuutos ng Panginoon, hindi ako: huwag makipaghiwalay ang babae sa kanyang asawa.

11 Ngunit kung siya'y hihiwalay, manatili siyang walang asawa, o kaya'y muling makipagkasundo sa kanyang asawa. At huwag din namang hihiwalayan ng lalaki ang kanyang asawa.

12 Sa iba naman, ito ang sinasabi ko, ako ang nagsasabi at hindi ang Panginoon: kung ang isang lalaking mananampalataya ay may asawang di-mananampalataya at nais nitong patuloy na makisama sa kanya, huwag niya itong hiwalayan.

13 Kung ang isang babaing sumasampalataya ay may asawang hindi sumasampalataya at nais ng lalaking magpatuloy ng pakikisama sa kanya, huwag siyang makipaghiwalay.

14 Sapagkat ang lalaking hindi pa sumasampalataya ay itinatalaga sa Diyos sa pamamagitan ng kanyang asawa, at ang babaing hindi pa sumasampalataya ay itinatalaga sa Diyos sa pamamagitan ng kanyang asawa. Kung hindi gayon ay magiging marumi sa paningin ng Diyos ang kanilang mga anak; ngunit ang totoo, ang mga ito ay itinatalaga sa Diyos.

15 Kung nais namang humiwalay ng asawang di-mananampalataya sa kanyang asawang sumasampalataya, hayaan ninyo siyang humiwalay. Sa gayong mga pagkakataon, ang naturang kapatid ay malaya. Tinawag kayo ng Diyos upang mamuhay nang mapayapa.

16 Anong malay ninyo, mga babae, baka kayo ang maging kasangkapan sa ikaliligtas ng inyong asawa? At kayong mga lalaki, anong malay ninyo, baka kayo ang maging kasangkapan sa ikaliligtas ng inyong asawa?

### Magpatuloy sa Dating Kalagayan sa Buhay

17 Mamuhay ang bawat isa ayon sa ipinagkaloob sa kanya ng Panginoon, at magpatuloy sa dati niyang kalagayan noong siya'y tawagin ng Diyos. Ito ang itinuturo ko sa lahat ng iglesya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

18Kung ang isang lalaki ay tuli na nang siya'y tawagin ng Diyos, huwag na niyang alisin ang mga palatandaan ng kanyang pagiging tuli. At kung hindi naman siya tuli nang tawagin, huwag na siyang mag-asam na magpatuli pa.

19Hindi mahalaga kung ang isang tao ay tuli o hindi; subalit ang mahalaga ay ang pagsunod sa mga utos ng Diyos.

20Manatili ang bawat isa sa kalagayan niya nang siya'y tawagin ng Diyos.

21Ikaw ba'y isang alipin nang tawagin ka ng Diyos? Huwag kang mag-alala tungkol doon. Ngunit kung may pagkakataon kang maging isang malaya, samantalahin mo.

22Ang taong alipin nang tawagin ng Panginoon ay malaya na dahil sa Panginoon. Gayundin naman, ang taong malaya nang siya'y tawagin ni Cristo ay naging alipin ni Cristo.

23Nabili na at bayád na kayo; huwag na kayong paalipin sa mga tao.

24Mga kapatid, anuman ang kalagayan ninyo sa buhay nang kayo'y tawagin, manatili kayo roong kasama ng Diyos.

**Tungkol sa mga Walang Asawa at mga Biyuda**

25Tungkol naman sa mga walang asawa, wala akong maibibigay na utos mula sa Panginoon. Ngunit magbibigay ako ng aking opinyon bilang isang taong dahil sa habag ng Diyos ay mapagkakatiwalaan.

26Dahil sa matinding kahirapan sa kasalukuyan, inaakala kong mabuti pa sa isang tao ang manatili sa kanyang kalagayan.

27Ikaw ba'y isang lalaking may asawa na? Huwag kang makipaghiwalay. Wala ka pa bang asawa? Huwag mo nang hangaring magkaasawa.

28Ngunit kung ikaw ay mag-aasawa, hindi ka nagkakasala. Kung ang isang dalaga ay mag-asawa, hindi rin siya nagkakasala. Ngunit ang nag-aasawa ay magdaranas ng mga kahirapan sa buhay na ito, at iyan ang nais kong maiwasan ninyo.

29Mga kapatid, ito ang ibig kong sabihin: malapit na ang wakas ng panahon, kaya't mula ngayon, ang may asawa ay mamuhay na parang walang asawa;

30ang mga nananangis, na parang di nananangis; ang mga nagagalak, na parang di nagagalak; ang mga bumibili, na parang walang ari-arian,

31at ang mga gumagamit ng mga bagay ng sanlibutan, na para bang hindi nangangailangang gamitin ang mga ito. Sapagkat ang lahat ng bagay sa daigdig na ito'y hindi na magtatagal.

32Nais kong mailayo kayo sa mga alalahanin sa buhay. Ang pinagkakaabalahan ng lalaking walang asawa ay ang mga gawaing ukol sa Panginoon—kung paano niya mabibigyan ng kaluguran ang Panginoon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[33]Ngunit ang pinagkakaabalahan ng lalaking may asawa ay ang mga bagay ng sanlibutang ito—kung paano niya mabibigyang kaluguran ang kanyang asawa.

[34]Dahil dito'y hati ang kanyang malasakit. Gayundin naman, ang pinagkakaabalahan ng isang babaing walang asawa o ng isang dalaga ay ang mga bagay ukol sa Panginoon, sapagkat nais niyang maitalaga ang kanyang katawan at espiritu sa Panginoon. Subalit ang pinagkakaabalahan ng babaing may-asawa ay ang mga bagay ng sanlibutang ito—kung paano niya mabibigyang kaluguran ang kanyang asawa.

[35]Sinasabi ko ito upang matulungan kayo. Hindi ko kayo hinihigpitan; ang nais ko'y maakay kayo sa maayos na pamumuhay at nang lubusan kayong makapaglingkod sa Panginoon.

[36]Kung inaakala ng isang lalaki na nagkakaroon siya ng masidhing pagnanasa sa kanyang katipan, at dahil dito'y kailangang pakasal sila, pakasal na sila. Ito ay hindi kasalanan.

[37]Ngunit kung ipinasya niyang huwag pakasalan ang kanyang kasintahan at hindi naman siya napipilitan lamang at siya'y may lubusang pagpipigil sa sarili, mabuti ang ganitong kapasyahan.

[38]Kaya nga, mabuti ang magpasyang pakasalan ang kanyang kasintahan, ngunit mas mabuti ang hindi mag-asawa.

[39]Ang babae ay nakatali sa kanyang asawa habang nabubuhay ito. Kapag namatay ang lalaki, ang babae ay malaya nang mag-asawa sa sinumang maibigan niya, ngunit dapat ay sa isa ring nananampalataya sa Panginoon.

[40]Subalit sa aking palagay, higit siyang magiging maligaya kung mananatili siya sa kanyang kalagayan bilang biyuda. Iyan ang palagay ko, at sa palagay ko nama'y nasa akin din ang Espiritu ng Diyos.

## 1 Mga Taga-Corinto 8

### Tungkol sa Pagkaing Inihandog sa Diyus-diyosan

[1]Ngayon, ipaliliwanag ko naman sa inyo ang tungkol sa mga pagkaing inihandog sa mga diyus-diyosan. Alam nating “may kaalaman tayong lahat,” gaya ng sabi ng iba. Ang kaalamang ito ay nagtutulak sa tao na maging mapagmataas, subalit ang pag-ibig ay nakakapagpatatag.

[2]Ang nag-aakalang may nalalaman siya ay hindi pa nakakaalam ng dapat niyang malaman.

[3]Ngunit ang umiibig sa Diyos ay kilala ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Kaya nga, tungkol sa pagkaing inihandog sa diyus-diyosan, alam nating ang mga diyus-diyosan ay larawan ng mga bagay na di-totoo, at alam nating iisa lamang ang Diyos.

5Kahit na may tinatawag na “mga diyos” sa langit at sa lupa, at ang mga tinatawag na “mga diyos” at “mga panginoon” ay marami,

6subalit para sa atin ay iisa lamang ang Diyos, ang Ama na lumikha ng lahat ng bagay, at tayo'y nabubuhay para sa kanya. Iisa ang Panginoon, si Jesu-Cristo, at sa pamamagitan niya'y nilikha ang lahat ng bagay, at sa pamamagitan din niya'y nabubuhay tayo.

7Subalit hindi lahat ay nakakaalam nito. May mga taong nasanay na sa pagsamba sa mga diyus-diyosan noong una, kaya't hanggang ngayon, kapag kumakain sila ng ganoong pagkain, inaakala pa rin nila na iyon ay handog sa diyus-diyosan. Dahil mahina ang kanilang budhi, ang akala nila'y nagkakasala sila kapag kumain sila niyon.

8Ang pagkain ay walang kinalaman sa katayuan natin sa harap ng Diyos. Walang mawawala sa atin kung hindi tayo kumain ng ganoong pagkain, at wala ring kabutihang maidudulot sa atin kung kumain man tayo niyan.

9Ngunit mag-ingat kayo, baka ang paggamit ninyo ng kalayaang kumain ng anumang pagkain ay maging sanhi ng pagkakasala ng mahihina sa kanyang paniniwala.

10Kung ikaw na may sapat na kaalaman ay kumakain sa loob ng templo ng mga diyus-diyosan, at makita ka ng kapatid na mahina ang budhi, hindi kaya siya mabuyong kumain niyon kahit inihandog sa diyus-diyosan?

11Dahil sa inaakala mong “kaalaman” ay napapahamak ang iyong mahinang kapatid na tinubos din ng kamatayan ni Cristo.

12Sa ganoong paraan, nagkakasala kayo sa inyong mga kapatid kaya't nagkakasala kayo kay Cristo dahil sinugatan ninyo ang kanilang budhi.

13Kaya nga, kung dahil sa pagkain ay itinutulak ko sa pagkakasala ang aking kapatid, hindi na ako kakain ng karne upang hindi siya magkasala.

## 1 Mga Taga-Corinto 9

### Mga Karapatan at Tungkulin ng Isang Apostol

1Hindi ba ako malaya? Hindi ba ako apostol? Hindi ba't nakita ko si Jesus na ating Panginoon? Hindi ba kayo ang bunga ng aking paglilingkod sa kanya?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Ang iba'y ayaw kilalanin ang aking pagka-apostol, subalit para sa inyo, ako'y isang apostol, at kayo ang katibayang ako'y apostol nga ng Panginoon.

3Ito ang sagot ko sa mga pumupuna sa akin.

4Wala ba kaming karapatang tustusan ng iglesya sa aming pangangailangan?

5Wala ba kaming karapatang magsama ng asawang Cristiano, tulad ng ginagawa ng ibang mga apostol, at ng mga kapatid ng Panginoon, at gayundin ni Pedro?

6Kami lamang ba ni Bernabe ang walang karapatang tumigil sa paghahanapbuhay?

7Ang kawal ba ang gumagastos para sa kanyang pangangailangan habang naglilingkod siya? Sinong tao ang nagtatanim ng ubas at hindi nakikinabang sa mga bunga nito? Sinong pastol ang nag-aalaga ng tupa at hindi nakikinabang sa gatas nito?

8Ang sinasabi ko ay hindi nababatay sa kaisipan lamang ng tao. Ganoon din ang sinasabi ng Kautusan.

9Sapagkat nasusulat sa Kautusan ni Moises, “Huwag mong bubusalan ang bibig ng baka habang ito'y gumigiik.” Mga baka nga kaya ang inaalala ng Diyos?

10Hindi ba tayo ang tinutukoy niya? Alang-alang sa atin kaya iyon isinulat, sapagkat ang magsasakang nag-aararo at ang naghihiwalay ng mga butil sa uhay ay gumagawa sa pag-asang may bahagi sila sa aanihin.

11Naghasik kami sa inyo ng pagpapalang espirituwal; malaking bagay ba naman kung umani kami ng mga materyal na pakinabang mula sa inyo?

12Kung ang iba'y may ganitong karapatan, lalo na kami! Ngunit hindi namin ginamit ang karapatang ito. Tiniis namin ang lahat upang hindi kami maging hadlang sa Magandang Balita tungkol kay Cristo.

13Hindi ba ninyo alam na ang mga naglilingkod sa Templo ay tumatanggap ng pagkain mula sa Templo, at ang mga naglilingkod sa dambana ay may bahagi sa mga handog na nasa dambana?

14Sa ganyan ding paraan, ipinag-utos ng Panginoon na ang mga nangangaral ng Magandang Balita ay dapat matustusan ang ikabubuhay sa pamamagitan ng Magandang Balita.

15Ngunit hindi ko ginamit ang alinman sa mga karapatang ito, at hindi ko kayo sinusulatan ngayon upang hingan ng tulong. Mas iibigin ko pang mamatay kaysa mawala sa akin ang bagay na maipagmamalaki ko!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Hindi ngayo't nangangaral ako ng Magandang Balita ay maaari na akong magmalaki. Sapagkat iyan ay tungkuling iniatang sa akin, sumpain ako kung hindi ko ipangaral ang Magandang Balita!

17Kung ginagawa ko ito nang kusang-loob, ako'y may maaasahang kabayaran, ngunit ginagawa ko ito bilang pagtupad sa tungkuling ipinagkatiwala sa akin ng Diyos.

18Ano ngayon ang aking kabayaran? Ang maipangaral ko nang walang-bayad ang Magandang Balita, at ang hindi ko paggamit ng karapatang nauukol sa akin bilang tagapangaral.

19Malaya ako at di alipin ninuman; ngunit nagpaalipin ako sa lahat upang makahikayat ako ng mas marami sa Panginoon.

20Sa piling ng mga Judio, ako'y namuhay tulad ng isang Judio upang mahikayat ko sila. Kahit hindi ako saklaw ng Kautusan, nagpailalim ako rito alang-alang sa mga nasa ilalim ng Kautusan, upang mailapit ko sila sa Diyos.

21Sa piling naman ng mga Hentil, na hindi saklaw ng Kautusan, ako'y naging parang Hentil upang sila'y mahikayat ko rin. Subalit hindi ito nangangahulugang hindi ko sinusunod ang mga utos ng Diyos, sapagkat ako'y nasa ilalim ng kautusan ni Cristo.

22Sa piling ng mahihina, ako'y naging parang mahina rin upang mahikayat ko sila. Ako'y nakibagay sa lahat ng tao upang sa lahat ng paraan ay makapagligtas ako ng kahit ilan man lamang.

23Ginagawa ko ang lahat ng ito alang-alang sa Magandang Balita, upang makabahagi ako sa mga pagpapala nito.

24Alam ninyong ang mga kalahok sa paligsahan ay tumatakbong lahat, ngunit iisa lamang ang nagkakamit ng gantimpala! Kaya't pagbutihin ninyo ang pagtakbo upang kamtan ninyo ang gantimpala.

25Lahat ng manlalarong nagsasanay ay may disiplina sa lahat ng bagay upang magkamit ng isang gantimpalang panandalian lamang. Ngunit ang gantimpalang hinahangad natin ay panghabang panahon.

26Hindi ako tumatakbo nang walang patutunguhan at hindi ako sumusuntok sa hangin.

27Subalit pinahihirapan ko ang aking katawan at sinusupil ito, upang sa gayo'y hindi ako maalis sa paligsahan pagkatapos kong mangaral sa iba.

## 1 Mga Taga-Corinto 10

### Mga Babala Laban sa Diyus-diyosan

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[1]Mga kapatid, nais kong malaman ninyo ang nangyari sa ating mga ninuno noong panahon ni Moises. Silang lahat ay naliliman ng ulap sa kanilang paglalakbay at sa pagtawid sa Dagat na Pula.

[2]Sa gayon, nabautismuhan silang lahat sa ulap at sa dagat bilang mga tagasunod ni Moises.

[3]Kumain silang lahat ng iisang pagkaing espirituwal,

[4]at uminom din ng iisang inuming espirituwal, sapagkat uminom sila sa batong espirituwal na sumubaybay sa kanila, at ang batong iyon ay si Cristo.

[5]Gayunman, hindi kinalugdan ng Diyos ang marami sa kanila, kaya't nagkalat ang kanilang mga bangkay sa ilang.

[6]Ang lahat ng mga nangyaring iyon ay babala sa atin upang huwag tayong maghangad ng masasamang bagay, gaya ng ginawa nila.

[7]Huwag kayong sasamba sa mga diyus-diyosan, gaya ng ginawa ng ilan sa kanila. Ayon sa nasusulat, “Umupo ang mga tao upang magkainan at mag-inuman, at tumayo upang magsayaw.”

[8]Huwag tayong makikiapid, gaya ng ginawa ng ilan sa kanila, kaya't dalawampu't tatlong libong tao ang namatay sa loob lamang ng isang araw.

[9]Huwag nating susubukin si Cristo, gaya ng ginawa ng ilan sa kanila; dahil sa ginawa nila, pinuksa sila ng mga ahas.

[10]Huwag din tayong magreklamo, tulad ng ilan sa kanila, kaya't nilipol naman sila ng anghel na namumuksa.

[11]Nangyari iyon sa kanila bilang babala sa iba, at isinulat upang tayo namang nabubuhay ngayong mga huling araw ay maturuan.

[12]Kaya't mag-ingat ang sinumang nag-aakalang siya'y nakatayo, at baka siya mabuwal.

[13]Wala pang pagsubok na dumating sa inyo na hindi nararanasan ng ibang tao. Tapat ang Diyos, at hindi niya ipapahintulot na kayo'y subukin nang higit sa inyong makakaya. Sa halip, pagdating ng pagsubok, bibigyan niya kayo ng lakas upang makayanan ito at ng paraan upang malampasan ito.

[14]Kaya nga, mga minamahal, iwasan ninyo ang pagsamba sa mga diyus-diyosan.

[15]Kinakausap ko kayo bilang matatalinong tao; husgahan ninyo ang sinasabi ko.

[16]Hindi ba't ang pag-inom natin sa kopa ng pagpapala na ating ipinagpapasalamat ay pakikibahagi sa dugo ni Cristo? At ang pagkain natin

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ng tinapay na ating pinipira-piraso ay pakikibahagi naman sa kanyang katawan?

17Kaya nga, dahil iisa lamang ang tinapay, tayo'y iisang katawan kahit na tayo'y marami, sapagkat nagsasalu-salo tayo sa iisang tinapay.

18Tingnan ninyo ang bansang Israel. Hindi ba't ang mga kumakain ng mga handog ay nakikibahagi sa ginagawa sa dambana?

19Anong ibig kong sabihin? Sinasabi ko bang ang diyus-diyosan, o ang pagkaing inihandog sa mga diyus-diyosan ay may kabuluhan?

20Hindi! Ang ibig kong sabihin, ang mga pagano ay nag-aalay ng kanilang handog sa mga demonyo, at hindi sa Diyos. Ayaw kong maging kaisa kayo ng mga demonyo.

21Hindi kayo makakainom sa kopa ng Panginoon at gayundin sa kopa ng mga demonyo. Hindi kayo maaaring makisalo sa hapag ng Panginoon at makisalo rin sa hapag ng mga demonyo.

22Nais ba nating manibugho ang Panginoon? Akala ba ninyo'y mas makapangyarihan tayo kaysa sa kanya?

23Mayroon namang magsasabi, “Malaya akong gumawa ng anuman,” ngunit hindi lahat ng ito ay nakakabuti. “Malaya akong gumawa ng anuman,” ngunit hindi rin lahat ng ito'y nakakatulong.

24Huwag ang sariling kapakanan ang unahin ninyo, kundi ang sa iba.

25Kumain kayo ng anumang nabibili sa tindahan ng karne at huwag nang magtanong pa upang hindi mabagabag ang inyong budhi.

26Sapagkat sinasabi ng kasulatan, “Ang buong daigdig at lahat ng naroroon, ang Panginoon ang may-ari niyon!”

27Kung anyayahan kayo ng isang hindi sumasampalataya at nais ninyong dumalo, kainin ninyo ang anumang ihain sa inyo at huwag na kayong magtanong pa kung iyon ay ikagugulo ng inyong budhi.

28Ngunit kung may magsabi sa inyo, “Ito'y inialay sa mga diyus-diyosan,” huwag ninyong kainin iyon alang-alang sa nagsabi sa inyo, upang di mabagabag ang budhi.

29Ang aking tinutukoy ay ang budhi ng inyong kapwa, at hindi ang budhi ninyo. Bakit hahadlangan ng budhi ng iba ang aking kalayaan?

30Bakit ako susumbatan dahil sa pagkain ko ng mga bagay na ipinagpasalamat ko naman sa Diyos?

31Kaya nga, kung kayo'y kumakain o umiinom, o anuman ang ginagawa ninyo, gawin ninyo ang lahat sa ikararangal ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

32Huwag kayong maging sanhi ng pagkakasala ninuman, ng mga Judio, ng mga Hentil, o ng mga kaanib sa iglesya ng Diyos,

33sa halip, tularan ninyo ang ginagawa ko. Sinisikap kong mabigyang kasiyahan ang lahat ng tao sa bawat ginagawa ko. Hindi ko inuuna ang sarili kong kapakanan kundi ang kapakanan ng marami, upang maligtas sila.

## 1 Mga Taga-Corinto 11

1Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Cristo.

**Pagtatakip sa Ulo Kung Sumasamba**

2Pinupuri ko kayo dahil naaalala ninyo ako at sinusunod ninyo ang mga turo na ibinigay ko sa inyo.

3Ngunit nais kong maunawaan ninyo na si Cristo ang ulo ng bawat lalaki, ang lalaki ang ulo ng kanyang asawa, at ang Diyos naman ang ulo ni Cristo.

4Ang lalaking nananalangin o nagpapahayag ng mensaheng mula sa Diyos nang may takip ang ulo ay nagdudulot ng kahihiyan sa kanyang ulo.

5Ang babae namang nananalangin o nagpapahayag ng mensaheng mula sa Diyos nang walang talukbong ang ulo ay nagdudulot ng kahihiyan sa kanyang ulo, para na rin siyang babaing inahitan ang ulo.

6Kung ayaw magtalukbong ng ulo ang isang babae, magpagupit na rin siya ng buhok. Yamang kahiya-hiya sa babae ang magpaahit o magpagupit ng buhok, dapat siyang magtalukbong.

7Hindi dapat magtalukbong ng ulo ang lalaki dahil siya'y larawan at karangalan ng Diyos. Ngunit ang babae ay karangalan ng lalaki,

8sapagkat hindi mula sa babae ang lalaki, kundi ang babae ay nagmula sa lalaki.

9At hindi rin nilalang ang lalaki para sa babae, kundi ang babae ay nilalang para sa lalaki.

10Alang-alang sa mga anghel, dapat magtalukbong ng ulo ang babae bilang tanda na siya'y nasasakop ng kanyang asawa.

11Gayunman, sa ating buhay sa Panginoon ay kailangan ng babae ang lalaki at kailangan din naman ng lalaki ang babae.

12Nagmula man sa lalaki ang babae, ang lalaki nama'y isinisilang ng babae, at mula sa Diyos ang lahat.

13Kayo na ang humatol, angkop ba sa isang babae ang makitang nananalangin nang walang talukbong sa ulo?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

14Hindi ba't kalikasan na rin ang nagtuturo sa inyo na kahiya-hiya sa isang lalaki ang magpahaba ng buhok,

15ngunit karangalan naman ito ng babae? Sapagkat ibinigay sa kanya ang buhok bilang pantakip sa kanyang ulo.

16Ngunit kung may gusto pang makipagtalo tungkol dito, ang masasabi ko ay ito: sa pagsamba, wala kaming ibang kaugalian, gayundin ang mga iglesya ng Diyos.

### Mga Maling Pagsasagawa ng Banal na Hapunan

17Tungkol sa mga babanggitin ko ngayon, hindi ko kayo maaaring purihin dahil ang inyong pagtitipon ay hindi nakakabuti, subalit nakakasama.

18Una sa lahat, nabalitaan ko na kayo'y nagpapangkat-pangkat sa inyong pagtitipon, at ako'y naniniwalang may katotohanan iyan.

19Talaga namang magkakaroon ng pagkakabaha-bahagi sa inyo upang makilala kung sino sa inyo ang mga tapat.

20Kaya't sa inyong pagtitipon, hindi Banal na Hapunan ng Panginoon ang kinakain ninyo.

21Sapagkat ang bawat isa sa inyo'y nagmamadali sa pagkain ng kanyang sariling pagkain, kaya't nagugutom ang iba at ang iba nama'y nalalasing.

22Wala ba kayong sariling bahay upang doon kumain at uminom? Hindi ba ninyo pinapahalagahan ang iglesya ng Diyos at hinihiya ninyo ang mahihirap? Ano ang gagawin ko ngayon? Pupurihin ko ba kayo dahil sa bagay na iyon? Hinding-hindi ko gagawin iyon!

### Ang Banal na Hapunan

(Mt. 26:26-29; Mc. 14:22-25; Lu. 22:14-20)

23Sapagkat ito ang turo na tinanggap ko mula sa Panginoon at ibinigay ko naman sa inyo: noong gabing siya'y ipagkanulo, ang Panginoong Jesus ay dumampot ng tinapay,

24nagpasalamat at pinagpira-piraso iyon, at sinabi, “Ito ang aking katawan na inihahandog para sa inyo. Gawin ninyo ito bilang pag-aalaala sa akin.”

25Matapos maghapunan, dumampot din siya ng kopa at sinabi, “Ang kopang ito ang bagong tipan na pinagtitibay ng aking dugo. Tuwing iinumin ninyo ito, gawin ninyo bilang pag-aalaala sa akin.”

26Sapagkat tuwing kakain kayo ng tinapay na ito at iinom sa kopang ito, ipinapahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon hanggang sa kanyang muling pagparito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

[27]Kaya, ang sinumang kumakain ng tinapay at umiinom sa kopa ng Panginoon sa paraang di nararapat ay nagkakasala sa katawan at dugo ng Panginoon.

[28]Kaya't dapat siyasatin ng tao ang kanyang sarili bago siya kumain ng tinapay at uminom sa kopa.

[29]Sapagkat ang sinumang kumakain at umiinom nang hindi kinikilala ang kahalagahan ng katawan ng Panginoon ay kumakain at umiinom ng kahatulan laban sa kanyang sarili.

[30]Iyan ang dahilan kung bakit mahihina at sakitin ang marami sa inyo, at may ilan ngang namatay na.

[31]Kung sisiyasatin natin ang ating sarili, hindi tayo hahatulan ng Panginoon.

[32]Ngunit hinahatulan tayo ng Panginoon dahil itinutuwid niya tayo, upang hindi tayo maparusahang kasama ng sanlibutan.

[33]Kaya nga, mga kapatid, kapag nagkakatipon kayo upang kumain, maghintayan kayo.

[34]Kung may nagugutom, kumain na muna siya sa bahay upang hindi humantong sa hatol na kaparusahan ang inyong pagtitipon. Tungkol naman sa ibang mga bagay, saka ko na aayusin pagdating ko riyan.

## 1 Mga Taga-Corinto 12

### Mga Kaloob ng Espiritu Santo

[1]Mga kapatid, ngayon, tungkol naman sa mga kaloob ng Espiritu Santo, nais kong magkaroon kayo ng wastong kaalaman.

[2]Alam ninyo na noong hindi pa kayo sumasampalataya, kayo'y nailigaw sa mga diyus-diyosan na hindi naman nakakapagsalita.

[3]Kaya't nais kong malaman ninyo na walang taong pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos ang magsasabing, “Sumpain si Jesus!” At hindi rin masasabi ninuman, “Si Jesus ay Panginoon,” kung siya'y hindi pinapatnubayan ng Espiritu Santo.

[4]Iba't iba ang mga espirituwal na kaloob, ngunit iisa lamang ang Espiritung nagkakaloob ng mga ito.

[5]Iba't iba ang paraan ng paglilingkod, ngunit iisa lamang ang Panginoong pinaglilingkuran.

[6]Iba't iba ang mga gawain, ngunit iisa lamang ang Diyos na kumikilos sa mga taong gumagawa ng mga iyon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Para sa ikabubuti ng lahat, ang bawat isa'y binibigyan ng patunay na nagpapakitang nasa kanya ang Espiritu.

8Ang ilan sa atin ay napagkalooban ng kakayahang magsalita ng mensahe ng karunungan. Ang iba naman ay pinagkalooban ng kaalaman. Subalit iisang Espiritu ang nagkakaloob nito.

9Ang Espiritu ring iyon ang nagkakaloob sa iba ng pananampalataya sa Diyos, at sa iba'y ang kapangyarihang magpagaling sa mga maysakit.

10May pinagkakalooban ng kapangyarihang gumawa ng mga himala; sa iba naman ay kakayahang magpahayag ng mensaheng mula sa Diyos, at sa iba ay kakayahang kumilala kung aling kaloob ang mula sa Espiritu at kung alin ang hindi. May pinagkakalooban ng kakayahang magsalita sa iba't ibang mga wika, at sa iba naman ay ang magpaliwanag ng mga wikang iyon.

11Ngunit isang Espiritu lamang ang gumagawa ng lahat ng ito at namamahagi ng iba't ibang kaloob sa bawat isa, ayon sa kanyang ipinasya.

**Iisang Katawan Ngunit Maraming Bahagi**

12Si Cristo'y tulad ng isang katawan na may maraming bahagi. Kahit na binubuo ng iba't ibang bahagi, ito ay nananatiling iisang katawan.

13Maging Judio o Hentil, alipin man o malaya, tayong lahat ay binautismuhan sa pamamagitan ng iisang Espiritu upang maging isang katawan. Tayong lahat ay pinainom sa iisang Espiritu.

14Ang katawan ay binubuo ng maraming bahagi at hindi ng iisang bahagi lamang.

15Kung sasabihin ng paa, “Hindi ako kamay kaya't hindi ako bahagi ng katawan,” hindi na nga ba ito bahagi ng katawan?

16Kung sasabihin ng tainga, “Hindi ako mata, kaya't hindi ako bahagi ng katawan,” hindi na nga ba ito bahagi ng katawan?

17Kung puro mata lamang ang buong katawan, paano ito makakarinig? Kung puro tainga lamang ang buong katawan, paano ito makakaamoy?

18Subalit inilagay ng Diyos ang bawat bahagi ng katawan ayon sa kanyang kalooban.

19Kung ang lahat ng bahagi ay pare-pareho, hindi iyan maituturing na katawan.

20Ngunit ang totoo'y marami ang mga bahagi, ngunit iisa lamang ang katawan.

21Hindi rin naman masasabi ng mata sa kamay, “Hindi kita kailangan,” ni ng ulo, sa mga paa, “Hindi ko kayo kailangan.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Sa katunayan, ang mga bahaging parang mahihina ang siya pa ngang kailangang kailangan.

23Ang mga bahagi ng katawan na inaakala nating hindi gaanong kapuri-puri ay pinag-uukulan ng higit na pagpapahalaga. Ang mga bahaging hindi likas na maganda ang siya nating higit na pinapahalagahan.

24Hindi na ito kailangang gawin sa mga bahaging sadyang maganda. Ngunit nang isaayos ng Diyos ang katawan, binigyan niya ng higit na karangalan ang mga bahaging hindi gaanong marangal,

25upang hindi magkaroon ng pagkakabaha-bahagi, sa halip ay magmalasakit ang bawat bahagi sa isa't isa.

26Kung nasasaktan ang isang bahagi, nasasaktan ang lahat; kung pinaparangalan ang isang bahagi, nagagalak ang lahat.

27Kayo ngang lahat ang iisang katawan ni Cristo, at bawat isa sa inyo ay bahagi nito.

28Naglagay ang Diyos sa iglesya, una, ng mga apostol; ikalawa, ng mga propeta; at ikatlo, ng mga guro. Naglagay rin siya ng mga gumagawa ng mga himala, mga nagpapagaling ng mga maysakit, mga tagatulong, mga tagapangasiwa, at mga nagsasalita sa iba't ibang mga wika.

29Hindi lahat ay apostol, propeta o guro; hindi lahat ay binigyan ng kakayahang gumawa ng mga himala,

30magpagaling ng mga maysakit, magsalita sa iba't ibang mga wika o magpaliwanag ng mga wikang ito.

31Ngunit buong sikap ninyong hangarín ang mga kaloob na mas dakila. At ngayo'y ituturo ko sa inyo ang landas na pinakamabuti sa lahat.

## 1 Mga Taga-Corinto 13

### Ang Pag-ibig

1Makapagsalita man ako sa mga wika ng mga tao at ng mga anghel, kung wala naman akong pag-ibig, para lamang akong kampanang umaalingawngaw o pompiyang na maingay.

2Kung ako man ay may kakayahang magsalita ng mensahe mula sa Diyos at umunawa sa lahat ng hiwaga, kung nasa akin man ang lahat ng kaalaman at lahat ng pananampalataya, anupa't nakakapagpalipat ako ng mga bundok, ngunit wala naman akong pag-ibig, wala akong kabuluhan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3At kung ipamigay ko man ang lahat ng aking mga ari-arian at ialay ang aking katawan upang sunugin, ngunit wala naman akong pag-ibig, wala rin akong mapapala!

4Ang pag-ibig ay matiyaga at magandang-loob, hindi maiinggitin, hindi mayabang ni mapagmataas man,

5hindi magaspang ang pag-uugali, hindi makasarili, hindi magagalitin, o mapagtanim ng sama ng loob sa kapwa.

6Hindi ito natutuwa sa masama, sa halip ay nagagalak sa katotohanan.

7Ang pag-ibig ay matiisin, mapagtiwala, puno ng pag-asa, at nagtitiyaga hanggang wakas.

8Matatapos ang kakayahang magsalita ng mensahe mula sa Diyos, titigil rin ang kakayahang magsalita sa iba't ibang mga wika, at lilipas ang kaalaman, ngunit ang pag-ibig ay walang katapusan.

9Hindi pa ganap ang ating kaalaman at hindi rin ganap ang kakayahan nating magsalita ng mensahe mula sa Diyos,

10ngunit pagdating ng ganap, maglalaho na ang di-ganap.

11Noong ako'y bata pa, ako'y nagsasalita, nag-iisip at nangangatuwirang tulad ng bata. Ngayong ako'y mayroon nang sapat na gulang, iniwanan ko na ang mga asal ng bata.

12Sa kasalukuyan ang ating nakikita ay tila malabong larawan sa salamin, subalit darating ang araw na ang lahat ay makikita natin nang harapan. Bahagya lamang ang nalalaman ko ngayon, ngunit darating ang araw na malulubos ang kaalamang ito, tulad ng lubos na pagkakilala niya sa akin.

13Samantala, nananatili ang tatlong ito: ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, ngunit ang pinakadakila sa mga ito ay ang pag-ibig.

## 1 Mga Taga-Corinto 14

### Tungkol pa rin sa mga Kaloob ng Espiritu

1Pakamithiin ninyo ang pag-ibig! Hangarín ninyo ang mga kaloob na espirituwal, lalung-lalo na ang makapagsalita ng mensahe mula sa Diyos.

2Ang nagsasalita sa iba't ibang wika ay sa Diyos nakikipag-usap at hindi sa tao, sapagkat walang nakakaunawa sa kanya, ngunit nagsasalita siya ng mga hiwaga sa tulong ng Espiritu Santo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Sa kabilang dako, ang nagsasalita ng mensahe mula sa Diyos ay nagsasalita sa mga tao upang patibayin ang kanilang pananampalataya, palakasin ang kanilang loob, at sila'y aliwin.

4Ang sariling pananampalataya ang pinapatibay ng nagsasalita ng iba't ibang wika, ngunit ang iglesya ang pinapatibay ng nagsasalita ng mensahe mula sa Diyos.

5Nais ko sanang kayong lahat ay makapagsalita ng iba't ibang wika, ngunit mas gusto kong kayo'y makapagsalita ng mensahe mula sa Diyos. Higit na mahalaga ang nagsasalita ng mensahe mula sa Diyos kaysa nagsasalita sa iba't ibang mga wika, maliban na lamang kung may magpapaliwanag ng kanyang sinasabi upang makapagpatibay sa iglesya.

6Kaya, mga kapatid, kung pumunta man ako riyan at magsalita sa inyo sa iba't ibang mga wika, ano ang mapapakinabang ninyo sa akin? Wala! Makikinabang lamang kayo kung tuturuan ko kayo ng mga pahayag ng Diyos, ng kaalaman mula sa kanya, ng mga mensahe mula sa Diyos, at ng mga aral.

7Maging sa mga instrumentong walang buhay tulad ng plauta at alpa, paanong malalaman ninuman kung ano ang tinutugtog kung hindi malinaw ang tunog ng mga nota?

8At kung hindi malinaw ang tunog ng trumpeta, sino ang maghahanda sa pakikipaglaban?

9Gayundin naman, paanong malalaman ninuman ang ibig ninyong sabihin kung magsasalita kayo sa pamamagitan ng wikang hindi naman nila nauunawaan? Para kayong nakikipag-usap sa hangin.

10Maraming iba't ibang wika sa daigdig, at bawat isa ay may kahulugan,

11ngunit kung hindi ako marunong ng wikang ginagamit ng aking kausap, hindi kami magkakaintindihan.

12Yamang naghahangad kayo sa mga kaloob ng Espiritu, sikapin ninyong sumagana kayo sa mga kaloob na makakapagpatibay sa iglesya.

13Dahil dito, kailangang manalangin ang nagsasalita ng iba't ibang mga wika na bigyan din siya ng kaloob na makapagpaliwanag nito.

14Kung nananalangin ako sa wikang iyan, nananalangin nga ang aking espiritu ngunit hindi nakikinabang ang aking pag-iisip.

15Ano ang dapat kong gawin? Mananalangin ako sa pamamagitan ng aking espiritu, ngunit gagamitin ko rin ang aking pag-iisip sa aking pananalangin. Ako'y aawit sa pamamagitan ng espiritu, ngunit gagamitin ko rin ang aking pag-iisip sa aking pag-awit.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Kung nagpapasalamat ka sa Diyos sa pamamagitan ng espiritu lamang, paanong makakapagsabi ng “Amen” ang isang taong naroroon ngunit walang gayong kaloob, kung hindi niya nauunawaan ang iyong sinasabi?

17Mabuti ang iyong pagpapasalamat, ngunit hindi nakakapagpatibay sa iba.

18Nagpapasalamat ako sa Diyos sapagkat ako'y nakapagsasalita sa iba't ibang mga wika, higit kaysa sa inyong lahat.

19Ngunit sa pagtitipon ng iglesya, mas gusto ko pang magsalita ng limang katagang mauunawaan at makakapagturo sa iba, kaysa libu-libong salitang wala namang nakakaunawa.

20Mga kapatid, huwag kayong maging isip-bata. Maging tulad kayo ng mga batang walang muwang sa kasamaan, ngunit maging tulad kayo ng matatanda sa inyong pang-unawa.

21Ganito ang nakasulat sa Kautusan: “Sinabi ng Panginoon, ‘Magsasalita ako sa bayang ito, sa pamamagitan ng mga taong may ibang wika, sa pamamagitan ng labi ng mga banyaga, ngunit hindi pa rin nila ako papakinggan.’”

22Kung gayon, ang kaloob na makapagsalita sa iba't ibang mga wika ay isang himala para sa mga hindi sumasampalataya at hindi para sa mga mananampalataya. Ngunit ang kaloob na makapagsalita ng mensahe mula sa Diyos ay himala para sa mga sumasampalataya at hindi sa mga di-mananampalataya.

23Kaya't kung sa pagtitipon ng iglesya ay nagsasalita ng iba't ibang mga wika ang lahat, at may dumating na mga taong walang gayong kaloob o hindi sumasampalataya, hindi kaya nila sasabihing nababaliw kayo?

24Ngunit kung ang lahat ay nagsasalita ng mensahe mula sa Diyos, at dumating doon ang isang taong walang gayong kaloob o hindi sumasampalataya, malalaman niyang siya'y makasalanan, hahatulan siya ng lahat ng kanyang naririnig,

25at mabubunyag ang mga lihim ng kanyang puso. Kaya't luluhod siya, sasamba sa Diyos, at sasabihin niyang tunay ngang kasama ninyo ang Diyos.

**Kaayusan sa Iglesya**

26Ganito ang ibig kong sabihin, mga kapatid. Kung sa inyong pagtitipon ay may umaawit, may nagtuturo, may naghahayag ng kalooban ng Diyos, may nagsasalita sa iba't ibang mga wika, at mayroon namang nagpapaliwanag noon, gawin ninyo ang lahat ng iyan sa ikapagpapatibay ng iglesya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Kung may magsasalita sa iba't ibang mga wika, sapat na ang dalawa o tatlo, salit-salitan sila, at kailangang may magpapaliwanag ng kanilang sinasabi.

28Ngunit kung walang magpapaliwanag, manahimik na lamang ang bawat isa at makipag-usap nang sarilinan sa Diyos.

29Hayaang magsalita ang dalawa o tatlong tao na tumanggap ng kaloob na makapagsalita ng mensahe mula sa Diyos, at timbangin naman ng iba ang mga sinasabi nila.

30At kung ang isa sa mga nakaupo roon ay tumanggap ng pahayag mula sa Diyos, tumigil muna ang nagsasalita.

31Sapagkat kayong lahat ay maaaring isa-isang magsalita ng mensahe mula sa Diyos, upang matuto at mapalakas ang loob ng lahat.

32Ang kaloob na pagsasalita ng mensahe mula sa Diyos ay dapat napipigil ng mga tumanggap ng kaloob na iyon,

33sapagkat ang Diyos ay hindi Diyos ng kaguluhan kundi ng kapayapaan. Gaya ng dapat mangyari sa lahat ng iglesya ng mga hinirang ng Diyos,

34ang mga babae ay kailangang manahimik sa mga pagtitipon sa iglesya. Sapagkat hindi ipinapahintulot sa kanila sa ganoong mga pagtitipon ang magsalita; kailangang sila'y pasakop, gaya ng sinasabi ng Kautusan.

35Kung mayroon silang nais malaman, magtanong sila sa kanilang asawa pagdating nila sa bahay; sapagkat kahiya-hiyang magsalita ang isang babae sa loob ng iglesya.

36Inaakala ba ninyong sa inyo nagmula ang salita ng Diyos, o kayo lamang ang tumanggap nito?

37Kung inaakala ninuman na siya'y propeta, o mayroong espirituwal na kaloob, dapat niyang kilalanin na ang isinusulat ko sa inyo ay utos ng Panginoon.

38Ang ayaw kumilala nito ay huwag din ninyong kilalanin.

39Kaya, mga kapatid ko, hangarín ninyo na makapagsalita ng mensahe mula sa Diyos, ngunit huwag naman ninyong ipagbawal ang pagsasalita sa iba't ibang mga wika.

40Kaya lang, gawin ninyo ang lahat ng bagay sa wasto at maayos na paraan.

## 1 Mga Taga-Corinto 15

### Ang Muling Pagkabuhay ni Cristo

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Mga kapatid, ngayo'y ipinapaalala ko sa inyo ang Magandang Balitang ipinangaral ko sa inyo. Iyan ang Magandang Balitang inyong tinanggap at naging saligan ng inyong pananampalataya.

2Naliligtas kayo sa pamamagitan nito, kung matatag ninyong pinanghahawakan ang salitang ipinangaral ko sa inyo; maliban na lamang kung walang kabuluhan ang inyong pagsampalataya.

3Sapagkat ibinigay ko sa inyo bilang pinakamahalaga sa lahat ang tinanggap ko rin: na si Cristo'y namatay dahil sa ating mga kasalanan, tulad ng sinasabi sa Kasulatan;

4inilibing siya at muling nabuhay sa ikatlong araw, tulad din ng sinasabi sa Kasulatan;

5at siya'y nagpakita kay Pedro, at saka sa Labindalawa.

6Pagkatapos, nagpakita siya sa mahigit na limandaang kapatid na nagkakatipon. Marami sa kanila'y buháy pa hanggang ngayon, subalit patay na ang ilan.

7At nagpakita rin siya kay Santiago at pagkatapos ay sa lahat ng mga apostol.

8Sa kahuli-huliha'y nagpakita rin siya sa akin, kahit na ako'y tulad ng isang batang ipinanganak nang wala sa panahon.

9Sapagkat ako ang pinakahamak sa mga apostol; ni hindi nga ako karapat-dapat tawaging isang apostol, sapagkat inusig ko ang iglesya ng Diyos.

10Ngunit dahil sa kagandahang-loob niya, ako'y naging isang apostol, at hindi naman nawalan ng kabuluhan ang kaloob niyang ito sa akin. Katunayan, nagpagal ako nang higit kaysa sinuman sa kanila, subalit hindi ito dahil sa sarili kong kakayahan kundi dahil sa kagandahang-loob ng Diyos na nasa akin.

11Kaya't maging ako o sila, ito ang ipinapangaral namin, at ito ang pinaniwalaan ninyo.

### Ang Muling Pagkabuhay ng mga Patay

12Ngayon, kung ipinapangaral naming si Cristo'y muling nabuhay, bakit sinasabi ng ilan sa inyo na hindi bubuhaying muli ang mga patay?

13Kung totoo iyan, lilitaw na hindi muling binuhay si Cristo.

14At kung si Cristo'y hindi muling binuhay, walang kabuluhan ang aming pangangaral at walang katuturan ang inyong pananampalataya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[15]Kung ganoon, lilitaw na kami'y mga sinungaling na saksi ng Diyos dahil pinatotohanan namin na muling binuhay ng Diyos si Cristo ngunit hindi naman pala, kung talagang walang muling pagkabuhay ng mga patay.

[16]Kung hindi muling binubuhay ang mga patay, hindi rin muling binuhay si Cristo.

[17]At kung hindi muling binuhay si Cristo, kayo'y nananatili pa sa inyong mga kasalanan at walang katuturan ang inyong pananampalataya.

[18]Hindi lamang iyan, lilitaw pa na ang lahat ng mga namatay na sumampalataya kay Cristo ay napahamak.

[19]Kung ang pag-asa natin kay Cristo ay para lamang sa buhay na ito, tayo na ang pinakakawawa sa lahat ng tao.

[20]Ngunit sa katunayan si Cristo'y muling binuhay at ito'y katibayan na muli ngang bubuhayin ang mga patay.

[21]Kung paanong dumating ang kamatayan sa pamamagitan ng isang tao, gayundin naman, dumating ang muling pagkabuhay sa pamamagitan din ng isang tao.

[22]Sapagkat kung paanong namamatay ang lahat dahil sa kanilang kaugnayan kay Adan, gayundin naman, mabubuhay ang lahat dahil sa kanilang kaugnayan kay Cristo.

[23]Ngunit ang bawat isa'y may kanya-kanyang takdang panahon. Si Cristo ang pinakauna sa lahat; pagkatapos, ang mga kay Cristo sa panahon ng pagparito niya.

[24]At darating ang wakas, kapag naibigay na ni Cristo ang kaharian sa Diyos Ama, pagkatapos niyang malupig ang lahat ng paghahari, pamahalaan at kapangyarihan.

[25]Sapagkat si Cristo'y dapat maghari hanggang sa malupig niya at lubusang mapasuko ang kanyang mga kaaway.

[26]Ang kahuli-hulihang kaaway na kanyang lulupigin ay ang kamatayan.

[27]Ganito ang sinasabi ng kasulatan, “Ang lahat ng bagay ay lubusang ipinailalim ng Diyos sa kanyang kapangyarihan.” Ngunit sa salitang “lahat ng bagay,” maliwanag na hindi kasama rito ang Diyos na siyang naglagay ng lahat ng bagay sa ilalim ng kapangyarihan ni Cristo.

[28]At kapag ang lahat ay nasa ilalim na ng kapangyarihan ng Anak, ipapailalim naman siya sa kapangyarihan ng Diyos na naglagay ng lahat ng bagay sa ilalim ng kapangyarihan niya. Sa gayon, ang Diyos ay mangingibabaw sa lahat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29Kung hindi gayon, ano ang halaga ng pagpapabautismo ng mga tao para sa mga patay? Kung talagang hindi bubuhaying muli ang mga patay, bakit pa nagpapabautismo ang mga tao alang-alang sa kanila?

30At bakit pa kami nalalagay sa panganib sa lahat ng oras?

31Walang araw na di ako nabibingit sa kamatayan, [mga kapatid!] Sinasabi ko ito sapagkat ikinararangal ko kayo alang-alang kay Cristo Jesus na ating Panginoon!

32Kung ang pakikipaglaban ko sa mababangis na kaaway sa Efeso ay para sa tao lamang, ano ang mapapala ko? Kung hindi rin lamang bubuhaying muli ang mga patay, mabuti pa'y sundin na lamang natin ang kasabihang ito, “Kumain tayo at uminom, sapagkat bukas tayo'y mamamatay.”

33Huwag kayong palololoko. “Ang masasamang kasama ay nakakasira ng mabuting pagkatao.”

34Magpakatino kayo at talikuran ang pagkakasala. Ang iba sa inyo'y hindi kilala ang Diyos. Sinasabi ko ito upang mapahiya kayo.

**Ang Uri ng Katawan sa Muling Pagkabuhay**

35Subalit may magtatanong, “Paano bubuhaying muli ang mga patay? Ano ang magiging uri ng katawan nila?”

36Hangal! Hindi mabubuhay ang binhing itinatanim hangga't hindi iyon namamatay.

37At ang itinatanim ay hindi halamang malaki na, kundi binhi, tulad ng butil ng trigo, o ng ibang binhi.

38Ang Diyos ang nagbibigay ng katawan sa binhing iyon, ayon sa kanyang kagustuhan; bawat binhi'y binigyan niya ng angkop na katawan.

39At hindi pare-pareho ang laman ng mga nilikhang may buhay; iba ang laman ng tao, iba ang laman ng hayop, iba ang sa mga ibon, at iba ang sa mga isda.

40May mga katawang panlangit at mayroon namang panlupa; iba ang kagandahang panlupa at iba ang kagandahang panlangit.

41Iba ang liwanag ng araw, iba naman ang liwanag ng buwan, at iba rin ang ningning ng mga bituin, at maging ang mga bituin ay magkakaiba ang ningning.

42Ganyan din sa muling pagkabuhay ng mga patay. Ang inilibing ay mabubulok, ngunit hindi mabubulok kailanman ang muling binuhay;

43walang karangalan at mahina nang ilibing, marangal at malakas sa muling pagkabuhay;

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

44inilibing na katawang pisikal, muling mabubuhay bilang katawang espirituwal. Kung may katawang pisikal, mayroon ding katawang espirituwal.

45Ganito ang sinasabi sa kasulatan, “Ang unang tao, si Adan, ay nilikhang binigyan ng buhay”; ang huling Adan ay espiritung nagbibigay-buhay.

46Ngunit hindi nauna ang espirituwal; ang pisikal muna bago ang espirituwal.

47Ang unang Adan ay mula sa lupa, sapagkat nilikha siya mula sa alabok; ang pangalawang Adan ay mula sa langit.

48Ang katawang panlupa ay katulad ng nagmula sa lupa; ang katawang panlangit ay katulad ng nagmula sa langit.

49Kung paanong tayo'y naging katulad ng taong nagmula sa lupa, matutulad din tayo sa taong nanggaling sa langit.

50Ito ang ibig kong sabihin, mga kapatid: ang binubuo ng laman at dugo ay hindi maaaring makabahagi sa kaharian ng Diyos, at ang katawang nasisira ay hindi maaaring magmana ng hindi nasisira.

51Isang hiwaga ang sinasabi ko sa inyo, hindi lahat tayo'y mamamatay ngunit lahat tayo'y babaguhin,

52sa isang sandali, sa isang kisap-mata, kasabay ng huling pag-ihip ng trumpeta. Sapagkat sa pagtunog ng trumpeta, ang mga patay ay muling bubuhayin at di na muling mamamatay. Babaguhin tayong lahat.

53Ang ating katawang nabubulok ay mapapalitan ng hindi nabubulok, at ang katawang namamatay ay mapapalitan ng katawang hindi namamatay.

54Kapag ang nabubulok ay napalitan na ng di nabubulok, at ang may kamatayan ay napalitan na ng walang kamatayan, matutupad na ang sinasabi sa kasulatan: “Nalupig na ang kamatayan; lubos na ang tagumpay!”

55“Nasaan, O kamatayan, ang iyong tagumpay? Nasaan, O kamatayan, ang iyong kamandag?”

56Ang kamandag ng kamatayan ay ang kasalanan, at ang kapangyarihan ng kasalanan ay nagmumula sa Kautusan.

57Magpasalamat tayo sa Diyos na nagbibigay sa atin ng tagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo!

58Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, magpakatatag kayo at huwag matinag. Maging masipag kayo palagi sa paglilingkod sa Panginoon, dahil alam ninyong hindi masasayang ang inyong pagpapagal para sa kanya.

## 1 Mga Taga-Corinto 16

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Tulong sa mga Kapatid sa Judea

1Tungkol naman sa ambagan para sa mga kapatid, gawin ninyo ang tulad sa ipinagbilin ko sa mga iglesya sa Galacia.

2Tuwing unang araw ng sanlinggo, ang bawat isa ay maglaan ng bahagi ng kanyang kinikita at ipunin iyon upang hindi na kailangang mag-ambagan pa pagpunta ko riyan.

3Pagdating ko riyan, bibigyan ko ng sulat ang mga taong pipiliin ninyo upang magdala ng inyong tulong sa Jerusalem.

4At kung kailangang pumunta rin ako, sasama ako sa kanila.

### Mga Balak ni Pablo

5Pupunta ako riyan pagkagaling ko sa Macedonia, sapagkat binabalak kong dumaan doon.

6Mananatili muna ako riyan at maaaring diyan na ako magpalipas ng taglamig upang ako'y matulungan ninyo sa pagpapatuloy ng aking paglalakbay, saanman ako pupunta.

7Ayaw kong ako'y dadaan lamang diyan; nais kong magtagal nang kaunti kung loloobin ng Panginoon.

8Titigil ako sa Efeso hanggang sa araw ng Pentecostes

9dahil may magandang pagkakataong nabuksan doon para sa gawain, kahit na maraming kumakalaban.

10Pagdating diyan ni Timoteo, ipadama ninyo ang inyong pagtanggap sa kanya upang mapanatag ang kanyang kalooban, sapagkat siya'y tulad kong naglilingkod sa Panginoon.

11Huwag ninyo siyang maliitin, sa halip ay tulungan ninyo upang makabalik siya sa akin nang mapayapa, sapagkat hinihintay ko siya kasama ng mga kapatid.

12Tungkol naman sa ating kapatid na si Apolos, kinausap ko siyang mabuti upang dalawin kayo kasama ng ibang mga kapatid. Ngunit hindi pa siya makakapunta ngayon. Saka na siya dadalaw sa inyo kapag nagkaroon ng pagkakataon.

### Pangwakas na Pananalita

13Maging handa kayo at magpakatatag sa inyong pananampalataya. Maging matapang kayo at magpakatibay,

14at ang lahat ng ginagawa ninyo'y gawin ninyo nang may pagmamahal.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Mga kapatid, alam ninyong ang sambahayan ni Estefanas ang unang nakakilala sa Panginoon sa Acaya, at itinalaga nila ang kanilang sarili sa paglilingkod para sa mga hinirang ng Diyos. Nakikiusap ako sa inyo na

16kayo'y pasakop sa mga tulad nila at sa sinumang kasama nilang nagpapakahirap sa paglilingkod.

17Nagagalak ako sa pagdating nina Estefanas, Fortunato, at Acaico, sapagkat ginagawa nila ang hindi ninyo magawâ para sa akin.

18Sila ang nagpasigla sa akin, gayundin sa inyo. Pahalagahan ninyo ang gayong mga tao.

19Kinukumusta kayo ng mga iglesya sa Asia. Kinukumusta rin kayo nina Aquila at Priscila, at ng mga kapatid na nagtitipon sa kanilang bahay sa pangalan ng Panginoon.

20Kinukumusta rin kayo ng lahat ng kapatid dito. Magbatian kayo bilang magkakapatid na nagmamahalan.

21Ako mismong si Pablo ang sumusulat ng pagbating ito.

22Sumpain ang sinumang walang pag-ibig sa Panginoon!

*Marana tha*—Dumating ka nawa, Panginoon namin!

23Sumainyo nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus.

24Sumainyong lahat ang aking pagmamahal sa pangalan ni Cristo Jesus.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 2 Mga Taga-Corinto

## 2 Mga Taga-Corinto 1

1 Mula kay Pablo na isang apostol ni Cristo Jesus ayon sa kalooban ng Diyos, kasama ang kapatid nating si Timoteo— Para sa iglesya ng Diyos sa Corinto at sa mga hinirang ng Diyos, na nasa buong Acaya.

2 Sumainyo nawa ang pagpapala at ang kapayapaang mula sa Diyos na ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo.

### Pasasalamat ni Pablo

3 Purihin natin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo, ang Ama ng kahabagan at Diyos na pinagmumulan ng lahat ng kaaliwan.

4 Inaaliw niya kami sa aming mga kapighatian upang sa pamamagitan ng kaaliwang tinanggap natin sa kanya ay maaliw naman namin sa mga nahahapis.

5 Sapagkat kung gaano karami ang aming paghihirap dahil sa aming pakikipag-isa kay Cristo, gayundin naman karami ang aming kaaliwan kay Cristo.

6 Kung naghihirap man kami, ito'y para sa ikaaaliw at ikaliligtas ninyo. Kapag naaaliw kami, kayo ma'y naaaliw rin at lumalakas upang inyong matiis ang mga kapighatiang dinaranas ninyo tulad namin.

7 Kaya't matibay ang aming pag-asa para sa inyo, sapagkat alam naming kung paanong kahati kayo sa aming kahirapan, magiging kahati rin kayo sa aming kaaliwan.

8 Mga kapatid, nais naming malaman ninyo ang mga kapighatiang dinanas namin sa Asia. Napakabigat ng aming dinanas, anupa't akala namin ay mamamatay na kami.

9 Para kaming hinatulan ng kamatayan. Subalit nangyari iyon upang huwag kaming manalig sa aming sarili, kundi sa Diyos na muling bumubuhay sa mga patay.

10 Iniligtas niya kami sa malagim na kamatayan, at patuloy na ililigtas. Kami'y umaasa rin na patuloy niya kaming ililigtas

11 sa tulong ng inyong mga panalangin. Sa gayon, marami ang magpapasalamat sa Diyos dahil sa pagpapala niya sa amin bilang tugon sa panalangin ng marami.

### Nagbago ng Balak si Pablo

12 Ito ang aming ipinagmamalaki at pinapatunayan naman ng aming budhi: tapat at walang pagkukunwari ang aming pakikisama sa lahat, lalo na sa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

inyo. Subalit nagawa namin ito sa kagandahang-loob ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng karunungan ng tao.

13Ang isinulat namin sa inyo ay iyon lamang kaya ninyong basahin at unawain. Gayon pa man, hindi pa rin ninyo kami lubos na maunawaan.

14Ngunit umaasa akong mauunawaan din ninyo kami, upang sa araw ng ating Panginoong Jesus ay maipagmalaki ninyo kami kung paanong maipagmamalaki namin kayo.

15Dahil sa natitiyak ko ito, binalak kong pumunta muna diyan upang dalawang ulit kayong pagpalain.

16Binalak kong dalawin muna kayo diyan bago pumunta sa Macedonia, at dumaan muli sa pagbabalik ko galing doon upang matulungan ninyo ako sa pagpunta ko sa Judea.

17Ako ba'y nagdadalawang-isip nang balakin ko ito? Ako ba'y nagpaplanong tulad ng mga taga-sanlibutan, na nagsasabi ng “Oo” at pagkatapos ay hindi naman pala?

18Kung paanong ang Diyos ay tapat, gayundin ang aming salita sa inyo ay “Oo” kung “Oo” at “Hindi” kung “Hindi”.

19Ang Anak ng Diyos, na si Jesu-Cristo, na ipinangaral namin nina Silvano at Timoteo, ay hindi “Oo” at “Hindi” dahil lagi siyang “Oo,”

20sapagkat kay Cristo, ang lahat ng pangako ng Diyos ay palaging “Oo”. Dahil dito, nakakasagot tayo ng “Amen” sa pamamagitan niya para sa ikaluluwalhati ng Diyos.

21Ang Diyos ang nagpapatibay sa amin at sa inyo sa pamamagitan ng pakikipag-isa kay Cristo, at siya rin ang humirang sa amin.

22Nilagyan niya kami ng kanyang tatak at pinagkalooban ng kanyang Espiritu bilang patunay na tutuparin niya ang kanyang mga ipinangako.

23Saksi ko ang Diyos, alam niya ang laman ng aking puso. Hindi muna ako pumunta riyan sa Corinto sapagkat kayo rin ang inaalala ko.

24Hindi sa nais naming pangunahan kayo sapagkat alam naming sinisikap ninyong maging matatag sa pananampalataya. Nais lamang naming tumulong upang maging maligaya kayo.

## 2 Mga Taga-Corinto 2

1Sapagkat ipinasya kong huwag na munang pumunta riyan upang hindi kayo muling madulutan ng kalungkutan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Dahil kung dudulutan ko kayo ng kalungkutan, sino pa ang aaliw sa akin? Hindi ba't kayo rin?

3Kaya sumulat muna ako sa inyo noon upang sa pagpunta ko riyan ay hindi ako mabigyan ng lungkot ng mga taong dapat sana ay magpasaya sa akin. Sapagkat natitiyak kong ang aking kagalakan ay kagalakan din ninyong lahat.

4Ang puso ko'y puno ng kalungkutan at pag-aalala nang sulatan ko kayo, at maraming luha ang tumulo habang sinusulat ko iyon. Sumulat ako sa inyo hindi upang kayo'y dulutan ng kalungkutan kundi upang ipadama kung gaano kalaki ang aking pagmamahal sa inyo.

**Patawarin ang Nagkasala**

5Kung may nagdulot ng kalungkutan kaninuman, hindi ito sa akin idinulot; hindi sa pinalalaki ko ang bagay na ito, pero ang totoo, kayong lahat ang dinulutan niya ng kalungkutan.

6Sapat na ang parusang iginawad sa kanya ng nakararami sa inyo.

7Dapat na ninyo siyang patawarin at aliwin upang hindi naman siya tuluyang masiraan ng loob dahil sa matinding lungkot.

8Kaya nakikiusap akong ipadama ninyo sa kanya na siya'y mahal pa rin ninyo.

9Ang isa pang dahilan ng pagsulat ko sa inyo noon ay upang subukin kayo at alamin kung sinusunod ninyo ang lahat ng ipinangaral ko sa inyo.

10Ang sinumang pinatawad ninyo ay pinatawad ko na rin. Ang pinatawad ko, kung mayroon man akong dapat patawarin, ay pinatawad ko na sa harapan ni Cristo alang-alang sa inyo,

11upang hindi tayo malamangan ni Satanas, sapagkat hindi lingid sa atin ang kanyang mga pamamaraan.

**Hindi Mapanatag si Pablo sa Troas**

12Nang dumating ako sa Troas upang mangaral ng Magandang Balita tungkol kay Cristo, nagbukas ang Panginoon ng pintuan upang maisagawa iyon.

13Ngunit hindi rin ako mapanatag sapagkat hindi ko natagpuan doon si Tito na ating kapatid. Kaya ako'y nagpaalam sa mga tagaroon at nagtuloy sa Macedonia.

**Nagtagumpay Dahil kay Cristo**

14Ngunit salamat sa Diyos at lagi niya kaming isinasama sa parada ng tagumpay ni Cristo, dahil sa aming pakikipag-isa sa kanya. At sa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

pamamagitan namin ay pinalalaganap ng Diyos sa lahat ng dako ang mabangong halimuyak ng pagkakilala sa kanya.

15Para kaming mabangong samyo ng insensong inihahandog ni Cristo sa Diyos at nalalanghap naman ng mga naliligtas at ng mga napapahamak.

16Sa mga napapahamak, ito'y parang alingasaw na nakamamatay, ngunit sa mga naliligtas, ito'y halimuyak na nagdudulot ng buhay. Sino ang may sapat na kakayahang gumawa ng mga bagay na ito?

17Hindi kami katulad ng marami na kinakalakal ang salita ng Diyos. Sa halip, bilang sugo ng Diyos, sa kanyang harapan at sa aming pakikipag-isa kay Cristo ay buong katapatan kaming nangangaral.

## 2 Mga Taga-Corinto 3

### Mga Lingkod ng Bagong Tipan

1Akala ba ninyo'y pinupuri na naman namin ang aming sarili? Kami ba'y tulad ng iba na nangangailangan pa ng rekomendasyon para sa inyo o mula sa inyo?

2Kayo mismo ang aming sulat ng rekomendasyon. Nakasulat kayo sa aming puso upang makilala at mabasa ng lahat.

3Ipinapakita ninyo na kayo ay sulat ni Cristo na ipinadala niya sa pamamagitan namin, hindi nakasulat sa tinta, kundi isinulat ng Espiritu ng Diyos na buháy, at hindi sa mga tapyas na bato kundi nakaukit sa puso ng mga tao.

4Nasasabi namin ito dahil kami ay may pagtitiwala sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo.

5Kung sa aming sarili lamang ay wala kaming kakayahang gawin ito; subalit ang aming kakayahan ay kaloob ng Diyos.

6Binigyan niya kami ng kakayahang maging lingkod ng bagong tipan, isang kasunduang hindi ayon sa kautusang nakasulat kundi ayon sa Espiritu. Sapagkat ang kautusang nakasulat ay nagdudulot ng kamatayan, ngunit ang Espiritu'y nagbibigay-buhay.

7Nang ibigay ang Kautusang nakaukit sa mga tapyas ng bato, nahayag ang kaluwalhatian ng Diyos, kaya nga hindi matingnan ng mga Israelita ang mukha ni Moises kahit na ang liwanag na iyon sa mukha niya ay pansamantala lamang. Kung ang paglilingkod na batay sa Kautusang nakaukit sa bato, at nagdadala ng kamatayan, ay dumating na may kalakip na gayong kaluwalhatian,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8gaano pa kaya ang kaluwalhatian ng paglilingkod ayon sa Espiritu?

9Kung may kaluwalhatian ang paglilingkod na nagdudulot ng hatol na kamatayan, lalo pang maluwalhati ang paglilingkod na nagdudulot ng pagpapawalang-sala.

10Dahil dito, masasabi nating ang dating kaluwalhatian ay wala na, sapagkat napalitan na ito ng higit na maluwalhati.

11Kung may kaluwalhatian ang lumilipas, lalong higit ang kaluwalhatian ng nananatili magpakailanman.

12Dahil sa pag-asa naming iyan, malakas ang aming loob.

13Hindi kami tulad ni Moises na nagtalukbong ng mukha para hindi makita ng mga Israelita ang paglipas ng kaluwalhatiang iyon.

14Ngunit naging matigas ang kanilang ulo kaya't hanggang ngayo'y nananatili ang talukbong na iyon habang binabasa nila ang lumang tipan. Maaalis lamang ang talukbong na iyon sa pakikipag-isa kay Cristo.

15Hanggang ngayon, may talukbong pa ang kanilang isip tuwing binabasa nila ang mga aklat ni Moises.

16Ngunit kapag lumapit ang tao sa Panginoon, naaalis ang talukbong.

17Ang Panginoong binabanggit dito ay ang Espiritu, at kung nasaan ang Espiritu ng Panginoon ay mayroong kalayaan.

18At ngayong naalis na ang talukbong, nagniningning sa ating mga mukha ang kaluwalhatian ng Panginoon. At ang kaluwalhatiang iyan na nagmumula sa Panginoon, na siyang Espiritu, ang siyang magbabago sa atin mula sa isang antas ng kaluwalhatian hanggang tayo'y maging kalarawan niya.

## 2 Mga Taga-Corinto 4

### Kayamanang Espirituwal sa Sisidlang Yari sa Putik

1Dahil sa habag ng Diyos, ibinigay niya sa amin ang paglilingkod na ito kaya't hindi humihina ang aming loob.

2Tinalikuran namin ang lahat ng lihim at kahiya-hiyang gawain. Hindi kami nanloloko ng mga tao, at hindi namin pinipilipit ang salita ng Diyos. Sa halip, hayagan naming ipinapangaral ang katotohanan. Kaya't maaari kaming suriin ninuman sa harapan ng Diyos.

3Kung may talukbong pa ang Magandang Balitang ipinapahayag namin, ito'y may talukbong lamang sa mga napapahamak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Hindi sila sumasampalataya sapagkat ang kanilang isip ay binulag ng diyos ng kasamaan sa daigdig na ito, upang hindi nila makita ang liwanag ng Magandang Balita tungkol sa kaluwalhatian ni Cristo na siyang larawan ng Diyos.

5Hindi namin ipinapangaral ang aming sarili, kundi si Cristo Jesus bilang Panginoon. At kami ay lingkod ninyo alang-alang kay Jesus.

6Sapagkat ang Diyos na nag-utos na magkaroon ng liwanag sa gitna ng kadiliman ay siya ring nagbigay liwanag sa aming isip upang makilala namin ang kaluwalhatian ng Diyos na nahahayag sa mukha ni Cristo.

7Ngunit kaming pinagkalooban ng kayamanang espirituwal na ito ay tulad sa mga palayok na gawa sa putik, upang ipakilala na ang dakilang kapangyarihang ito ay sa Diyos, at hindi sa amin.

8Kabi-kabilaan ang pagpapahirap sa amin, ngunit hindi kami nalulupig. Kung minsa'y nababagabag, ngunit hindi kami nawawalan ng pag-asa.

9Inuusig kami, ngunit hindi pinababayaan. Napapatumba kami, ngunit hindi lubusang nailulugmok.

10Lagi naming taglay sa aming katawan ang kamatayan ni Jesus, upang sa pamamagitan ng aming katawan ay mahayag ang kanyang buhay.

11Habang kami'y nabubuhay, lagi kaming nabibingit sa kamatayan alang-alang kay Jesus upang sa aming katawang may kamatayan ay mahayag ang kanyang buhay.

12Kaya't habang nagwawagi sa amin ang kamatayan, nagwawagi naman sa inyo ang buhay.

13Sinasabi ng kasulatan, “Nagsalita ako sapagkat ako'y sumampalataya.” Sa ganoon ding diwa ng pananampalataya, nagsasalita kami dahil kami'y sumasampalataya.

14Sapagkat alam naming ang Diyos na muling bumuhay sa Panginoong Jesus ay siya ring bubuhay sa amin kasama si Jesus, at magdadala sa atin sa kanyang piling.

15Ang lahat ng pagtitiis ko ay para sa kapakanan ninyo upang sa pagdami ng mga nakakatanggap ng kagandahang-loob ng Diyos, lalo pang dumami ang magpapasalamat sa ikaluluwalhati niya.

**Nabubuhay sa Pananampalataya**

16Kaya't hindi kami nasisiraan ng loob. Kahit na humihina ang aming katawang-lupa, patuloy namang pinalalakas ang aming espiritu araw-araw.

17Ang bahagya at panandaliang kapighatiang dinaranas namin ngayon ay magbubunga ng kagalakang walang hanggan at walang katulad.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Kaya't ang paningin namin ay nakatuon sa mga bagay na di-nakikita, at hindi sa mga bagay na nakikita. Sapagkat panandalian lamang ang mga bagay na nakikita, ngunit walang hanggan ang mga bagay na di-nakikita.

## 2 Mga Taga-Corinto 5

1Alam naming kapag nasira na ang toldang tinatahanan natin ngayon, ang ating katawang-lupa, kami'y may tahanan sa langit na hindi kailanman masisira, isang tahanang ginawa ng Diyos, at hindi ng tao.

2Dumaraing kami habang kami'y nasa toldang ito, at labis na nananabik sa aming tahanang makalangit,

3upang kung mabihisan na kami nito ay hindi kami matagpuang hubad.

4Habang nakatira pa kami sa toldang ito, kami'y naghihinagpis at dumaraing, hindi dahil nais na naming iwaksi ang katawang panlupa, kundi dahil nais na naming mabihisan ng katawang panlangit. Sa gayon, ang buhay na may katapusan ay mapapalitan ng buhay na walang hanggan.

5Ang Diyos mismo ang naghanda sa amin para sa ganitong pagbabago, at ibinigay niya sa amin ang Espiritu bilang katibayan na ito'y matutupad.

6Kaya't laging malakas ang aming loob. Alam naming habang kami'y narito pa sa katawang-lupa, hindi kami makakapasok sa tahanang inihanda ng Panginoon.

7Sapagkat namumuhay kami batay sa pananampalataya at hindi sa mga bagay na nakikita.

8Malakas ang aming loob at mas gusto pa nga naming iwan ang katawang ito na aming tinatahanan ngayon, upang manirahan na sa piling ng Panginoon.

9Kaya naman, ang pinakananais namin ay maging kalugud-lugod sa kanya, maging nasa katawang-lupa o maging nasa piling na niya.

10Sapagkat lahat tayo'y haharap sa hukuman ni Cristo at tatanggap ng nararapat ayon sa ating mga gawang mabuti o masama, nang tayo'y nabubuhay pa sa katawang ito.

### Pakikipagkaibigan sa Diyos sa Pamamagitan ni Cristo

11Kaya nga, dahil may takot kami sa Panginoon, sinisikap naming hikayatin ang mga tao na manumbalik sa kanya. Alam ng Diyos ang tunay naming pagkatao; at inaasahan kong kilalang-kilala rin ninyo ako.

12Hindi dahil sa nais naming ipagmalaking muli sa inyo ang aming sarili, kundi nais naming bigyan kayo ng dahilan upang kami'y maipagmalaki

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ninyo, nang sa gayon ay masagot ninyo ang mga taong walang ipinagmamalaki kundi ang mga bagay na panlabas at hindi ang tunay na pagkatao.

13Kung kami'y parang nasisiraan ng isip, iyon ay alang-alang sa Diyos. At kung matino naman kami, iyan ay para sa kapakanan ninyo.

14Ang pag-ibig ni Cristo ang naghahari sa amin, sapagkat natitiyak naming may isang namatay para sa lahat, kung kaya't ang lahat ay maibibilang nang patay.

15Namatay siya para sa lahat upang ang mga nabubuhay ngayon ay huwag nang mabuhay para sa sarili, kundi para kay Cristo na namatay at muling nabuhay para sa kanila.

16Kaya ngayon, ang pagtingin namin sa bawat tao ay hindi na batay sa sukatan ng tao. Noong una'y ganoon ang aming pagkakilala kay Cristo, ngunit ngayo'y hindi na.

17Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago.

18Ang Diyos ang gumawa ng lahat ng ito. Sa pamamagitan ni Cristo, ibinilang niya kaming mga kaibigan at hindi na kaaway, at pinagkatiwalaan niya kami upang maglingkod nang sa gayon ang mga tao ay maging kaibigan rin niya.

19Ang ibig sabihin, sa pamamagitan ni Cristo, ang mga tao'y ibinilang ng Diyos na kaibigan, at hindi na niya tinatandaan ang kanilang mga kasalanan. At kami naman ay inatasan niyang ipamalita ito.

20Kaya nga, kami'y mga sugo ni Cristo; ang Diyos mismo ang nakikiusap sa inyo sa pamamagitan namin. Kami'y nakikiusap sa inyo alang-alang kay Cristo: makipagkasundo kayo sa Diyos.

21Hindi nagkasala si Cristo, ngunit alang-alang sa atin, siya'y itinuring na makasalanan upang sa pakikipag-isa natin sa kanya ay maging matuwid tayo sa harap ng Diyos.

## 2 Mga Taga-Corinto 6

1Yamang kami'y magkakasama sa gawain ng Diyos, nakikiusap kami sa inyo na huwag ninyong sayangin ang kagandahang-loob na ibinibigay sa inyo ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Sapagkat sinasabi niya, “Sa kaukulang panahon ay pinakinggan kita, sa araw ng pagliligtas, sinaklolohan kita.” Ngayon na ang kaukulang panahon! Ito na ang araw ng pagliligtas!

3Iniwasan naming makagawa ng anumang makakahadlang kaninuman upang hindi mapulaan ang aming paglilingkod.

4Sa halip, sa lahat ng paraan sinisikap naming ipakita ang aming katapatan bilang mga lingkod ng Diyos. Kami'y matiyagang nagtiis sa lahat ng uri ng kahirapan, kapighatian at mga kagipitan.

5Kami'y hinagupit, ibinilanggo at binugbog. Naranasan namin ang magtrabaho nang labis, mapuyat at magutom.

6Namuhay kami nang malinis, may kaalaman, pagtitiis, kabutihan, patnubay ng Espiritu Santo, tunay na pag-ibig,

7tapat na pananalita, at kapangyarihan ng Diyos. Ang pagiging matuwid ang siya naming sandatang panlaban at panangga.

8Naranasan naming maparangalan at ipahiya, ang laitin at papurihan. Kami'y itinuring na sinungaling, gayong totoo naman ang aming sinasabi;

9hindi kinikilala, gayong kami'y kinikilala ng marami; itinuturing na patay na, ngunit buháy naman; pinaparusahan kami, subalit hindi pinapatay.

10Ang tingin sa amin ay nalulungkot, gayong kami'y laging nagagalak; mga dukha, ngunit marami kaming pinapayaman; mga walang-wala, ngunit sagana sa lahat ng bagay.

11Mga taga-Corinto, tapatan ang pagsasalita namin sa inyo. Binuksan namin ang aming puso sa inyo.

12Hindi namin isinara ang aming puso sa inyo; kayo ang nagsara ng inyong puso sa amin.

13Kinakausap ko kayo bilang mga anak, buksan naman ninyo sa amin ang inyong puso, tulad ng ginagawa namin sa inyo.

**Ang Pakikisama sa mga Di-sumasampalataya**

14Huwag kayong makisama sa mga di-sumasampalataya na para bang kapareho ninyo sila. Maaari bang magsama ang katuwiran at ang kalikuan? O kaya'y ang liwanag at ang kadiliman?

15Maaari bang magkasundo si Cristo at ang Diyablo? Ano ang kaugnayan ng sumasampalataya sa di- sumasampalataya?

16O di kaya'y ng templo ng Diyos sa diyus-diyosan? Hindi ba't tayo ang templo ng Diyos na buháy? Siya na rin ang maysabi, “Mananahan ako at mamumuhay sa piling nila. Ako ang magiging Diyos nila, at sila'y magiging bayan ko.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[17]Kaya't lumayo kayo sa kanila, humiwalay kayo sa kanila," sabi ng Panginoon. "Iwasan ninyo ang anumang marumi, at tatanggapin ko kayo.

[18]Ako ang magiging ama ninyo, at kayo'y magiging mga anak ko," sabi ng Panginoong Makapangyarihan sa lahat.

## 2 Mga Taga-Corinto 7

[1]Mga minamahal, yamang ipinangako sa atin ang mga bagay na ito, alisin natin sa ating sarili ang lahat ng nakapagpaparumi sa ating katawan at sa ating espiritu. Sikapin nating mamuhay nang may ganap na kabanalan at paggalang sa Diyos.

### Ang Kagalakan ni Pablo

[2]Bigyan ninyo kami ng puwang sa inyong puso. Kailanma'y hindi namin kayo ginawan ng masama, itinulak na gumawa ng masama, o nilamangan ang sinuman sa inyo.

[3]Sinasabi ko ito hindi upang hatulan kayo sapagkat gaya ng sinabi ko, mahal na mahal namin kayo at kami'y kasama ninyo sa buhay at kamatayan.

[4]Lubos ang aking pagtitiwala sa inyo; lagi ko kayong ipinagmamalaki! Sa kabila ng lahat naming tinitiis, ang nadarama ko'y kaaliwan; nag-uumapaw sa puso ko ang kagalakan.

[5]Nang kami'y nasa Macedonia, hindi rin kami nakapagpahinga. Sa lahat ng pagkakataon ay naranasan namin ang matinding hirap, panunuligsa mula sa labas at pangamba naman na nasa aming kalooban.

[6]Subalit ang Diyos na umaaliw sa naghihinagpis ay nagbigay-aliw sa amin sa pagdating ni Tito.

[7]Hindi lamang ang pagdating niya ang nakaaliw sa amin. Maging ang pag-aliw ninyo sa kanya ay nakaaliw din sa amin. Ibinalita niya ang inyong pananabik na ako'y makita, ang inyong kalungkutan at pagmamalasakit sa akin, kaya't lalo akong nagalak.

[8]Hindi ko pinagsisisihan ang pagkasulat ko sa inyo kahit na nalungkot kayo dahil dito. Nalungkot nga ako nang malaman kong nasaktan kayo nang kaunting panahon dahil sa aking sulat.

[9]Ngayon ay nagagalak na ako sapagkat ang kalungkutang iyon ang ginamit ng Diyos para akayin kayo na pagsisihan at talikuran ang inyong pagkakasala, kaya't hindi kayo napinsala dahil sa amin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Sapagkat ang kalungkutang buhat sa Diyos ay nagbubunga ng pagsisisi at pagbabago tungo sa kaligtasan. Ngunit ang kalungkutang dulot ng mundo ay humahantong sa kamatayan.

11Tingnan ninyo ang ibinunga ng kalungkutang buhat sa Diyos: naging masikap kayo at masigasig na linisin ang inyong pangalan; nagalit kayo sa mali; nagkaroon kayo ng banal na pagkatakot; nanabik kayo sa aking pagdating; nagkaroon ng malasakit at hangaring maparusahan ang nagkasala! Ipinakita ninyo sa lahat ng paraan na kayo'y walang sala sa mga bagay na iyon.

12Kaya nga, ang pagsulat ko sa inyo ay hindi dahil sa taong nagkasala o sa taong ginawan ng kasalanan, kundi upang sa harapan ng Diyos ay makita ninyo na kayo'y nagmamalasakit sa amin.

13Kaya't ang ginawa ninyo ay nagdulot sa amin ng malaking kaaliwan. At nalubos ang aming kagalakan dahil pinasigla ninyo ang kalooban ni Tito.

14Ipinagmalaki ko kayo sa kanya, at hindi naman ako napahiya. Sapagkat kung paanong lahat ng sinasabi ko sa inyo ay totoo, napatunayang totoo rin ang lahat ng sinabi ko kay Tito tungkol sa inyo.

15At lalo kayong napapamahal sa kanya habang naaalala niya ang pagkamasunurin ninyong lahat at ang inyong pagtanggap sa kanya nang may takot at paggalang.

16Labis akong nagagalak dahil kayo'y lubos kong mapagkakatiwalaan.

## 2 Mga Taga-Corinto 8

### Paano Dapat Magbigay ang Isang Cristiano?

1Mga kapatid, nais naming malaman ninyo ang ipinakitang kagandahang-loob ng Diyos sa mga iglesya sa Macedonia.

2Dumanas sila ng matinding kahirapan at ito'y isang mahigpit na pagsubok sa kanila. Ngunit sa kabila ng kanilang paghihikahos, masayang-masaya pa rin sila at bukás ang palad sa pagbibigay.

3Sila'y kusang-loob na nagbigay, hindi lamang sa abot ng kanilang kaya, kundi higit pa. Alam ko ito sapagkat

4mahigpit nilang ipinakiusap sa amin na sila'y bigyan ng pagkakataong makatulong sa mga kapatid na nangangailangan,

5at higit pa sa inaasahan namin. Ibinigay nila ang kanilang sarili, una sa Panginoon, at pagkatapos ay sa amin, ayon sa kalooban ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Kaya't pinakiusapan namin si Tito, dahil siya ang nagsimula ng gawaing ito, na kayo'y tulungan niya hanggang sa malubos ang pagkakawanggawa ninyong ito.

7Masagana kayo sa lahat ng bagay: sa pananampalataya, sa pagpapahayag, sa kaalaman, sa kasipagan, at sa inyong pag-ibig sa amin. Sikapin ninyong maging masagana rin sa pagkakawanggawang ito.

8Hindi sa inuutusan ko kayo. Sinasabi ko lamang sa inyo ang pagsisikap ng iba upang masubok ang katapatan ng inyong pag-ibig.

9Hindi kaila sa inyo ang kagandahang-loob ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na kahit na mayaman ay naging dukha upang maging mayaman kayo sa pamamagitan ng kanyang pagiging dukha.

10Kaya ito ang payo ko: mas mabuting ipagpatuloy ninyo ang inyong pag-iipon ng kaloob na sinimulan ninyo noon pang isang taon. Kayo ang nanguna, hindi lamang sa pagsasagawa nito kundi maging sa paghahangad.

11Kaya't tapusin na ninyo ito! Ang sigasig ninyo noon sa paghahangad ay tumbasan ninyo ng sigasig na tapusin ang bagay na ito. Magbigay kayo ayon sa inyong makakaya.

12Sapagkat kung may hangaring magbigay, tatanggapin ng Diyos ang inyong kaloob ayon sa inyong makakaya at hindi ayon sa hindi ninyo kaya.

13Hindi sa ibig kong guminhawa ang iba at mabigatan naman kayo.

14Ang ibig ko ay matulungan ninyo ang isa't isa. Masagana kayo ngayon; marapat lamang na tulungan ninyo ang mga nangangailangan. Kung kayo naman ang mangailangan at sila'y sumagana, sila naman ang tutulong sa inyo. Sa gayon, magkakapantay-pantay ang kalagayan ninyo.

15Tulad ng nasusulat, “Ang kumuha ng marami ay hindi lumabis, at ang kumuha ng kaunti ay hindi naman kinulang.”

**Si Tito at ang Kanyang mga Kasama**

16Salamat sa Diyos dahil inilagay niya sa puso ni Tito ang gayunding pagmamalasakit.

17Hindi lamang niya pinaunlakan ang aming pakiusap, kundi sa kagustuhang makatulong sa inyo, nagprisinta pang siya ang pupunta riyan.

18Pinasama namin sa kanya ang kapatid na kilala sa lahat ng iglesya dahil sa kanyang pangangaral ng Magandang Balita.

19Hindi lamang iyan! Siya'y pinili ng mga iglesya upang maglakbay kasama namin at tulungan kami sa pangangasiwa sa gawaing ito. Ang ganitong

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

pagkakawanggawa ay para sa ikaluluwalhati ng Panginoon at upang maipakita ang aming hangaring makatulong.

[20]Nag-iingat kami upang walang masabi ang sinuman tungkol sa pangangasiwa namin sa masaganang kaloob na ito.

[21]Ang layunin namin ay gawin kung ano ang marangal, hindi lamang sa paningin ng Panginoon kundi maging sa paningin ng mga tao.

[22]Kaya isinusugo naming kasama nila ang isa pa nating kapatid na subok na namin sa maraming pagkakataon, at lalong masigasig sa pagtulong ngayon dahil sa malaking tiwala niya sa inyo.

[23]Tungkol kay Tito, siya ang kasama ko at kamanggagawa sa pagtulong sa inyo. Tungkol naman sa mga kapatid na kasama niya, sila'y mga kinatawan ng mga iglesya sa ikararangal ni Cristo.

[24]Kaya't ipadama ninyo sa kanila ang matapat ninyong pag-ibig upang makita ng mga iglesya na hindi kami nagkamali sa pagmamalaki tungkol sa inyo.

## 2 Mga Taga-Corinto 9

### Tulong sa mga Kapatid na Nangangailangan

[1]Hindi na kailangang sumulat pa ako sa inyo tungkol sa pagtulong sa mga kapatid sa iglesya.

[2]Alam kong handa na kayong tumulong, kaya't ipinagmamalaki ko kayo sa mga taga-Macedonia. Ang sabi ko'y handa na kayong mga taga-Acaya noon pang nakaraang taon, at dahil dito'y lalo silang sumigla sa pagtulong.

[3]Kaya't pinapapunta ko riyan ang mga kapatid na ito upang mapatunayang tama ang aming pagmamalaki tungkol sa inyo, at nang maihanda na ninyo ang inyong tulong, gaya ng sinabi ko.

[4]Kung hindi, kung may mga taga-Macedonia na sumama sa akin at makita nilang hindi pala kayo handa, baka mapahiya ako at pati kayo.

[5]Kaya't pinakiusapan ko ang mga kapatid na mauna riyan, upang maihanda ang tulong na ipinangako ninyo. Sa gayon, makikita na talagang kusang-loob ang pagbibigay ninyo at hindi sapilitan.

[6]Ito ang ibig kong sabihin: ang nagtatanim ng kakaunti ay aani ng kakaunti, at ang nagtatanim ng marami ay aani ng marami.

[7]Ang bawat isa'y dapat magbigay ayon sa kanyang pasya, maluwag sa loob at hindi napipilitan lamang, sapagkat iniibig ng Diyos ang nagbibigay nang may kagalakan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Magagawa ng Diyos na pasaganain kayo sa lahat ng bagay, at higit pa sa inyong pangangailangan, upang sumagana kayo para sa mabubuting gawa.

9Tulad ng nasusulat, “Siya'y masaganang nagbibigay sa mga dukha; ang kanyang kabutihan ay walang hanggan.”

10Ang Diyos na nagbibigay ng binhing itatanim at tinapay na makakain, ang siya ring magbibigay sa inyo ng binhi, at magpapalago nito upang magbunga nang sagana ang inyong kabutihang-loob.

11Pasasaganain niya kayo sa lahat ng bagay upang mas marami ang inyong matulungan. Sa gayon, lalong darami ang magpapasalamat sa Diyos dahil sa inyong tulong na dadalhin namin sa kanila.

12Ang paglilingkod ninyo upang tumulong sa mga kapatid ay hindi lamang makakatugon sa kanilang pangangailangan, kundi magiging dahilan pa ng nag-uumapaw na pagpapasalamat nila sa Diyos.

13Ang bukas-palad ninyong pagbibigay sa kanila at sa lahat ang siyang magpapatunay na matapat ninyong sinusunod ang Magandang Balita ni Cristo. Dahil diyan, magpupuri sila sa Diyos.

14Kaya't buong pagmamahal nila kayong ipapanalangin, dahil sa di-masukat na kagandahang-loob ng Diyos sa inyo.

15Salamat sa Diyos dahil sa kanyang kaloob na walang kapantay!

## 2 Mga Taga-Corinto 10

### Ipinagtanggol ni Pablo ang Kanyang Paglilingkod

1Akong si Pablo, na ang sabi ng ilan ay mapagpakumbaba at mabait kapag kaharap ninyo ngunit matapang kapag wala riyan, ay nakikiusap sa inyo, alang-alang sa kababaang-loob at kabutihan ni Cristo.

2Ipinapakiusap kong huwag ninyo akong piliting magsalita nang mabigat, pagdating ko riyan, dahil kaya kong gawin iyon sa mga nagsasabing kami'y namumuhay ayon sa pamamaraan ng mundong ito.

3Kung nabubuhay man kami sa mundong ito, hindi naman kami nakikipaglaban ayon sa pamamaraan ng mundong ito.

4Ang sandata namin sa pakikipaglaban ay hindi makamundo, kundi ang kapangyarihan ng Diyos na nakakapagpabagsak ng mga kuta. Sinisira namin ang mga maling pangangatuwiran,

5ginagapi namin ang lahat ng pagmamataas laban sa kaalaman tungkol sa Diyos, at binibihag namin ang lahat ng isipan upang matutong sumunod kay Cristo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Kapag lubos na ang inyong pagsunod, nakahanda kaming parusahan ang lahat ng mga ayaw sumunod.

7Ang mga bagay na panlabas lamang ang tinitingnan ninyo. Kung naniniwala ang sinuman na siya'y nakipag-isa kay Cristo, isipin niyang kami man, tulad niya, ay nakipag-isa rin kay Cristo.

8Ipagmalaki ko man ang kapangyarihang ibinigay sa amin ng Diyos sa ikakatibay ninyo at hindi sa ikapapahamak, hindi ako mapapahiya.

9Huwag ninyong isiping tinatakot ko kayo sa mga sulat ko.

10Sinasabi ng ilan na sa mga sulat ko lamang ako matapang, ngunit kapag kaharap nama'y mahina at ang mga salita'y walang kuwenta.

11Dapat malaman ng mga taong nagsasabi ng ganyan na kung ano ang sinasabi namin sa sulat ngayong wala kami riyan, ay siya rin naming gagawin kapag kaharap na ninyo kami.

12Hindi kami nangangahas na ipantay o ihambing man lamang ang aming sarili sa ilang nagbubuhat ng sariling bangko. Napakahangal nila! Ang sarili rin nila ang ginagawa nilang sukatan at pamantayan ng kanilang sarili!

13Hindi kami lalampas sa hangganang ibinigay ng Diyos para sa gawaing itinakda niya sa amin, at kasama riyan ang gawain namin sa inyo.

14Hindi kami lumampas sa hangganang iyon gayong kami ang unang pumunta riyan sa inyo dala ang Magandang Balita tungkol kay Cristo.

15Hindi kami lumalampas sa hangganan sa pamamagitan ng pagyayabang sa pinaghirapan ng iba. Sa halip, umaasa kaming tatatag ang inyong pananampalataya sa Diyos, at dahil diyan ay lalawak pa ang aming saklaw sa inyo.

16Sa gayon, maipapangaral namin ang Magandang Balita sa ibang mga lupain, hindi lamang sa inyo, nang hindi ipinagyayabang ang pinaghirapan ng iba.

17Tulad ng sinasabi sa kasulatan, “Kung may nais magmalaki, ang ipagmalaki niya'y ang ginawa ng Panginoon.”

18Hindi ang taong pumupuri sa sarili ang katanggap-tanggap, kundi ang taong pinupuri ng Panginoon.

## 2 Mga Taga-Corinto 11

### Si Pablo at ang mga Huwad na Apostol

1Ipagpaumanhin ninyo ang aking kaunting kahangalan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Nag-aalala ako sa inyo tulad ng pag-aalala ng Diyos. Ang katulad ninyo ay isang malinis na dalagang ipinakipagtipan ko sa isang lalaki, walang iba kundi si Cristo.

3Ngunit nag-aalala akong baka malason ang inyong isipan at mailayo kayo sa tapat [at dalisay] na pananampalataya kay Cristo, tulad ni Eva na nalinlang ng ahas.

4Sapagkat malugod ninyong tinatanggap ang sinumang dumarating at may Jesus na ipinangangaral na iba sa ipinangaral namin. Tinatanggap ninyo ang espiritu at aral na iba sa itinuro namin sa inyo.

5Palagay ko nama'y hindi ako pahúhulí sa magagaling na mga “apostol” na iyan.

6Maaaring hindi ako mahusay magsalita, ngunit hindi naman kapos sa kaalaman. Pinatunayan ko ito sa inyo sa lahat ng bagay at pagkakataon.

7Ipinangaral ko sa inyo ang Magandang Balita ngunit hindi ako humingi ng kabayaran. Ako'y nagpakababà upang maitaas kayo. Masasabi bang kasalanan ang ginawa kong ito?

8Ibang iglesya ang tumustos sa aking mga pangangailangan. Parang ninakawan ko sila, makapaglingkod lamang sa inyo.

9At nang ako'y kapusin diyan, hindi ako naging pabigat kaninuman sa inyo sapagkat dinalhan ako ng tulong ng mga kapatid sa Macedonia. Iniwasan ko, at patuloy kong iiwasan na maging pabigat sa inyo sa anumang paraan.

10Habang ang katotohanan ni Cristo ay nasa akin, hindi mapapatigil ang pagmamalaki kong ito saanman sa Acaya.

11Bakit ko ginagawa ito? Dahil ba sa hindi ko kayo mahal? Alam ng Diyos kung gaano ko kayo kamahal!

12At patuloy kong gagawin ang ginagawa ko ngayon, upang mawalan ng batayan ang pagmamalaki ng iba na ang paglilingkod nila ay tulad ng aming ginagawa.

13Ang mga iyan ay mga huwad na apostol, madadayang manggagawa at nagpapanggap na mga apostol ni Cristo.

14Hindi ito kataka-taka sapagkat si Satanas man ay nagkukunwaring anghel ng liwanag.

15Kaya, hindi kataka-taka na ang kanyang mga lingkod ay magkunwaring lingkod ng katuwiran. Ang kanilang kahihinatnan ay ayon lamang sa kanilang mga gawa.

**Mga Tiniis ni Pablo Bilang Apostol**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[16]Inuulit ko, huwag isipin ninuman na ako'y hangal. Ngunit kung ganoon ang akala ninyo, tatanggapin ko na, upang ako man ay makapagyabang nang kaunti.

[17]Ang sinasabi ko sa pagmamalaking ito ay hindi buhat sa Panginoon kundi pagyayabang ng isang hangal.

[18]Dahil marami ang nagyayabang tungkol sa mga bagay na makalupa, ako man ay magyayabang din.

[19]Nagtitiyaga kayo sa mga hangal na iyan, palibhasa'y matatalino kayo!

[20]Pinapagtiisan ninyong kayo'y alipinin, sakmalin, pagsamantalahan, maliitin, o sampalin.

[21]Nakakahiya man ay aaminin kong hindi namin kayang gawin iyan! Kung may nangangahas na magyabang, ako'y mangangahas din na magyabang. Ako'y nagsasalita tulad ng isang hangal.

[22]Sila ba'y Hebreo? Ako rin. Mga Israelita ba sila? Ako rin. Sila ba'y mula sa lahi ni Abraham? Ako rin.

[23]Sila ba'y mga lingkod ni Cristo? Mas mabuti akong lingkod ni Cristo kaysa kanila. Para akong isang baliw na nagsasalita ngayon. Higit ang aking pagpapagal kaysa sa kanila; mas maraming beses akong nabilanggo, hinagupit nang napakaraming beses, at madalas na nabingit sa kamatayan.

[24]Limang beses akong tumanggap ng tatlumpu't siyam na hagupit mula sa mga Judio;

[25]tatlong ulit kong naranasang hagupitin [ng mga Romano], at minsang pinagbabato. Tatlong beses kong naranasang mawasak ang barkong aking sinasakyan, at minsa'y buong araw at gabi akong lulutang-lutang sa dagat.

[26]Sa malimit kong paglalakbay, nalagay ako sa iba't ibang panganib: sa mga ilog, sa mga tulisan, sa aking mga kababayan at sa mga Hentil; mga panganib sa lungsod, sa ilang, sa dagat, sa mga huwad na kapatid.

[27]Naranasan ko rin ang labis na hirap at pagod, malimit na pagpupuyat, at matinding gutom at uhaw. Naranasan ko ang ginawin ngunit wala man lamang maibalabal.

[28]Bukod sa lahat ng ito ay araw-araw kong pinapasan ang mga alalahanin para sa lahat ng mga iglesya.

[29]Kapag may nanghihina, nanghihina rin ako, at kapag may nahuhulog sa pagkakasala, labis ko itong ikinagagalit.

[30]Kung kailangan kong magyabang, ipagyayabang ko ang mga bagay na nagpapakita ng aking kahinaan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

31Hindi ako nagsisinungaling. Alam iyan ng Diyos at Ama ng Panginoong Jesus. Purihin siya magpakailanman!

32Nang ako'y nasa Damasco, ang pintuan ng lungsod ay pinabantayan ng gobernador na nasasakop ni Haring Aretas upang ipahuli ako.

33Ngunit isinakay ako sa isang malaking kaing, pinadaan ako sa butas sa pader at ibinabâ sa kabila upang ako'y makatakas.

## 2 Mga Taga-Corinto 12

### Mga Pangitain at mga Pahayag

1Kailangan ko pang magmalaki, kahit wala akong mapapala dito. Ang sasabihin ko naman ngayo'y ang mga pangitain at mga pahayag mula sa Panginoon.

2May kilala akong isang Cristiano na dinala sa ikatlong langit, labing-apat na taon na ang nakakalipas. Hindi ko lang matiyak kung iyo'y isang pangitain lamang, o tunay na pangyayari; ang Diyos lamang ang nakakaalam.

3Alam kong ang taong iyon ay dinala sa Paraiso. Hindi ko lang alam kung iyon ay isang pangitain o tunay na pangyayari. Tanging Diyos ang nakakaalam.

4Nakarinig siya ng mga bagay na hindi kayang ilarawan ng salita at hindi maaaring sabihin ninuman.

5Ipagmamalaki ko ang taong iyon, at hindi ang aking sarili, maliban sa aking mga kahinaan.

6At kung ako'y magmalaki man, hindi ako lalabas na hangal, sapagkat totoo ang sasabihin ko. Ngunit hindi ko ito gagawin, sapagkat ayaw kong mag-isip ang sinuman nang higit tungkol sa akin kaysa kanyang nakita o narinig sa akin.

7Ngunit upang hindi ako magyabang sa dami ng kamangha-manghang mga bagay na nasaksihan ko, ako'y binigyan ng pahirap sa aking katawan na nagsisilbing sugo ni Satanas upang pahirapan ako, at nang sa gayo'y hindi ako maging palalo.

8Tatlong beses kong idinalangin sa Panginoon na alisin ito, ngunit

9ganito ang kanyang sagot, “Ang kagandahang-loob ko ay sapat na para sa iyo, sapagkat lubusang nahahayag ang aking kapangyarihan kapag ikaw ay mahina.” Kaya't buong galak kong ipagmamalaki ang aking mga kahinaan upang manatili sa akin ang kapangyarihan ni Cristo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Alang-alang kay Cristo, ako'y may kasiyahan sa gitna ng mga kahinaan,
mga pagkutya, mga kahirapan, pag-uusig at kagipitan. Sapagkat kapag ako
ay mahina, doon ako nagiging malakas.

**Ang Malasakit ni Pablo sa mga Taga-Corinto**

11Ako'y naging hangal, ngunit kayo ang nagtulak sa akin na magkaganoon.
Kayo sana ang dapat pumuri sa akin, dahil kahit na wala akong kuwenta,
hindi naman ako nahúhulí sa magagaling na apostol na iyan.

12Buong tiyaga kong pinatotohanan sa inyo na ako'y isang tunay na apostol
sa pamamagitan ng mga himala at iba pang mga kamangha-manghang
bagay.

13Paano nakalamang sa inyo ang ibang mga iglesya? Sila'y nakalamang
dahil hindi ako naging pabigat sa inyo. Ipagpatawad ninyo ang pagkukulang
kong iyon.

14Ito ang ikatlong pagpunta ko riyan, at hindi pa rin ako magiging pabigat sa
inyo. Sapagkat kayo ang nais ko, at hindi kung anong mayroon kayo. Ang
mga magulang ang dapat mag-impok para sa mga anak, at hindi ang mga
anak para sa mga magulang.

15At ikaliligaya kong gugulin ang lahat pati ang aking sarili upang kayo'y
mabuhay. Kung madagdagan ang pagmamahal ko sa inyo, dapat bang
mabawasan ang pagmamahal ninyo sa akin?

16Alam ninyong hindi ako nakabigat kaninuman sa inyo. Subalit sinasabi ng
ilan na ako'y tuso at dinadaya ko kayo.

17Bakit? Pinagsamantalahan ko ba ang inyong kabutihan sa pamamagitan
ng mga isinugo ko riyan?

18Pinakiusapan ko si Tito na pumunta riyan at pinasama ko sa kanya ang
isang kapatid. Si Tito ba'y nagsamantala sa inyo? Hindi ba't namuhay kami
ayon sa iisang espiritu, at iisa ang aming pamamaraan?

19Akala ba ninyo'y ipinagtatanggol namin ang aming sarili? Hindi! Mga
minamahal, lahat ng ginagawa namin ay para sa ikabubuti ninyo.
Nagsasalita kami sa harapan ng Diyos ayon sa kalooban ni Cristo.

20Nangangamba akong baka pagpunta ko riyan ay may makita ako sa
inyong hindi ko magustuhan, at kayo naman ay may makita sa aking hindi
ninyo magustuhan. Baka ang matagpuan ko'y pag-aaway-away, pag-
iinggitan, pag-aalitan, pagmamaramot, pagsisiraan, pagtsitsismisan,
pagmamataas at kaguluhan.

21Nangangamba ako na pagpunta kong muli riyan, hiyain ako ng aking Diyos
sa harapan ninyo, at itatangis ko ang karumihan, pakikiapid at kahalayang
hindi pa pinagsisihan at tinatalikuran ng marami sa inyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 2 Mga Taga-Corinto 13

### Pangwakas na Babala at mga Pagbati

1Ito ang ikatlong pagpunta ko riyan. “Ang anumang sumbong ay kailangang patunayan ng dalawa o tatlong saksi.”

2Ngayong ako'y wala riyan, inuulit ko sa mga nagkasala, at sa iba pa, ang sinabi ko noong pangalawang dalaw ko; hindi ako mag-aatubiling parusahan sila pagdating ko riyan.

3Gagawin ko ito upang patunayan sa inyong si Cristo ay nagsasalita sa pamamagitan ko. Hindi siya mahina sa pakikitungo sa inyo, kundi makapangyarihan.

4Kahit na siya'y mahina nang ipako sa krus, nabubuhay siya ngayon sa kapangyarihan ng Diyos. Dahil sa pakikipag-isa namin sa kanya, kami'y mahina rin, ngunit sa pakikitungo sa inyo, kami ay nabubuhay na kasama niya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.

5Subukin ninyo ang inyong mga sarili kung kayo'y namumuhay ayon sa pananampalataya. Suriin ninyo ang inyong sarili. Hindi ba ninyo nalalamang nasa inyo si Cristo Jesus? Maliban na lang kung kayo'y mga bigo sa pagsubok.

6Umaasa akong makikita rin ninyo na hindi kami bigo.

7Idinadalangin namin sa Diyos na sana'y huwag kayong gumawa ng masama, hindi upang palabasing kami'y tama, kundi upang magawa ninyo ang mabuti, kahit lumitaw na kami'y nabigo.

8Sapagkat para sa katotohanan lamang ang maaari naming gawin at hindi laban sa katotohanan.

9Kami'y nagagalak kapag kami ay mahina at kayo naman ay malakas. Kaya't idinadalangin naming kayo'y maging ganap.

10Isinusulat ko ang mga bagay na ito habang ako'y wala pa riyan upang sa aking pagdating, hindi na kailangan pang magpakita ako ng bagsik sa paggamit ng kapangyarihang ibinigay sa akin ng Panginoon. Ang kapangyarihang ito'y ibinigay sa akin upang kayo'y tumibay at hindi upang kayo'y masira.

11Mga kapatid, paalam na sa inyo. Sikapin ninyong maging ganap at sundin ninyo ang mga payo ko; magkaisa na kayo, at mamuhay nang payapa. Sa gayon, sasainyo ang Diyos ng pag-ibig at kapayapaan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[12]Magbatian kayo bilang magkakapatid na nagmamahalan. Kinukumusta kayo ng lahat ng mga kabilang sa sambayanan ng Diyos.

[13]Nawa'y sumainyong lahat ang kagandahang-loob ng Panginoong Jesu-Cristo, at ang pag-ibig ng Diyos, at ang pakikisama ng Espiritu Santo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Taga-Galacia

## Mga Taga-Galacia 1

1Mula kay Pablo na hinirang na apostol, hindi ng tao o sa pamamagitan ng tao, kundi ni Jesu-Cristo at ng Diyos Ama na muling bumuhay kay Jesus,

2at mula sa lahat ng mga kapatid na kasama ko, pagbati sa mga iglesya sa Galacia:

3Sumainyo nawa ang kagandahang-loob at kapayapaang mula sa Diyos Ama at sa ating Panginoong Jesu-Cristo.

4Inialay ni Jesu-Cristo ang kanyang sarili para sa ating kasalanan ayon sa kalooban ng ating Diyos Ama upang mahango tayo sa kasamaang naghahari ngayon sa sanlibutang ito.

5Purihin ang Diyos magpakailanman! Amen.

### Ang Tunay na Magandang Balita

6Nagtataka ako kung bakit kay dali ninyong tumalikod sa Diyos na tumawag sa inyo sa pamamagitan ng kagandahang-loob ni Cristo at kayo'y bumaling agad sa ibang magandang balita.

7Ang totoo'y wala namang ibang magandang balita; kaya nga lamang, may mga nanggugulo sa inyo at nagsisikap na baguhin ang Magandang Balita ni Cristo.

8Subalit kahit kami o isang anghel mula sa langit ang mangaral sa inyo ng Magandang Balita na iba sa ipinangaral namin sa inyo, parusahan nawa siya ng Diyos!

9Sinabi na namin ito sa inyo, at inuulit ko ngayon, parusahan nawa ng Diyos ang sinumang mangaral sa inyo ng Magandang Balita na naiiba kaysa tinanggap na ninyo.

10Bakit ko sinasabi ito, dahil ba sa nais kong mapuri ng tao? Hindi! Ang papuri lamang ng Diyos ang tangi kong hinahangad. Sinisikap ko bang magbigay-lugod sa tao? Hindi! Kung iyan ang talagang hangad ko, hindi na sana ako naging alipin ni Cristo.

### Paano Naging Apostol si Pablo

11Mga kapatid, nais kong malaman ninyo na ang Magandang Balitang ipinangaral ko'y hindi katha ng tao.

12Hindi ko ito tinanggap mula sa tao, at hindi rin itinuro sa akin ng sinumang tao. Si Jesu-Cristo mismo ang naghayag nito sa akin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[13]Hindi kaila sa inyo kung paano ako namuhay noon bilang kaanib ng relihiyon ng mga Judio. Walang awa kong inusig ang iglesya ng Diyos at sinikap na ito'y wasakin.

[14]Sa relihiyon ng mga Judio, nahigitan ko ang maraming kasing-edad ko at ako'y lubhang masugid sa kaugalian ng aming mga ninuno.

[15]Ngunit dahil sa kagandahang-loob ng Diyos, pinili niya ako bago pa ako ipanganak at tinawag upang maglingkod sa kanya.

[16]Nang minabuti niyang ihayag sa akin ang kanyang Anak upang maipangaral ko siya sa mga Hentil, hindi ako sumangguni sa sinumang tao.

[17]Ni hindi rin ako nagpunta sa Jerusalem upang makipagkita sa mga apostol na nauna sa akin; sa halip, nagpunta ako sa Arabia, at pagkatapos ay bumalik ako sa Damasco.

[18]Pagkaraan ng tatlong taon, pumunta ako sa Jerusalem upang makipag-usap kay Pedro, at labinlimang araw kaming nagkasama.

[19]Wala akong nakitang iba pang apostol maliban kay Santiago na kapatid ng Panginoon.

[20]Totoong lahat ang isinusulat ko sa inyo. Alam ng Diyos na hindi ako nagsisinungaling.

[21]Pagkatapos, pumunta ako sa ilang lugar sa Siria at sa Cilicia.

[22]Hindi pa ako kilala noon ng mga mananampalataya kay Cristo na nasa Judea.

[23]Nakarating lamang sa kanila ang ganitong balita, “Ang dating umuusig sa atin ay nangangaral na ngayon ng pananampalatayang dati'y sinikap niyang wasakin.”

[24]Kaya't nagpuri sila sa Diyos dahil sa akin.

## Mga Taga-Galacia 2

### Si Pablo at ang Ibang mga Apostol

[1]Makalipas ang labing-apat na taon, muli akong pumunta sa Jerusalem kasama si Bernabe. Isinama ko rin si Tito.

[2]Bumalik ako sapagkat inihayag sa akin ng Diyos na dapat akong pumunta doon. Nakipagpulong ako nang sarilinan sa mga kinikilalang pinuno ng iglesya, at inilahad ko sa kanila ang Magandang Balitang ipinapangaral ko sa mga Hentil. Ginawa ko ito dahil ayaw kong mawalan ng kabuluhan ang aking ginawa at ginagawa pa.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Kahit na isang Griego ang kasama kong si Tito, hindi nila pinilit na magpatuli ito

4kahit may ilang huwad na kapatid na nagtangka ng gayon. Nakihalubilo sila sa amin upang manmanan ang kalayaang taglay natin kay Cristo Jesus. Nais nila kaming maging mga alipin.

5Hindi kami nagpailalim sa kanilang kagustuhan kahit isang saglit, upang maingatan namin para sa inyo ang tunay na kahulugan ng Magandang Balita.

6Ngunit walang idinagdag sa akin ang mga kinikilalang pinuno; hindi mahalaga sa akin kung sino man sila, sapagkat walang itinatangi ang Diyos.

7Sa halip, kinilala nila na ipinagkatiwala sa akin ang pangangaral ng Magandang Balita sa mga Hentil, kung paanong ipinagkatiwala kay Pedro ang pangangaral ng Magandang Balita sa mga Judio.

8Ang Diyos na nagbigay ng kapangyarihan kay Pedro na mangaral sa mga Judio ang siya ring nagbigay sa akin ng kapangyarihang mangaral sa mga Hentil.

9Nakita nina Santiago, Pedro at Juan, na mga kinikilalang haligi ng iglesya, ang kagandahang-loob na ibinigay sa akin, kaya't kami ni Bernabe ay buong puso nilang tinanggap bilang mga kamanggagawa. Pinagkasunduan namin na kami'y sa mga Hentil mangangaral at sila nama'y sa mga Judio.

10Ang hiling lamang nila ay huwag naming kakaligtaan ang mga dukha, na siya namang masikap kong ginagawa.

**Pinagsabihan ni Pablo si Pedro**

11Subalit nang dumating si Pedro sa Antioquia, harap-harapan ko siyang sinaway sapagkat maling-mali ang kanyang ginagawa.

12Dahil bago dumating ang ilang sugo ni Santiago, siya'y nakikisalo sa mga Hentil. Subalit nang dumating na ang mga iyon, lumayo na siya at hindi na nakisalo sa mga Hentil dahil sa takot niya sa pangkat na nagnanais na tuliin din ang mga Hentil.

13At gumaya naman sa kanya ang ibang mga kapatid doon na mga Judio; pati si Bernabe ay natangay ng kanilang pagkukunwari.

14Nang makita kong ang kanilang ikinikilos ay hindi ayon sa tunay na diwa ng Magandang Balita, sinabi ko kay Pedro sa harap nilang lahat, “Kung ikaw na isang Judio ay namumuhay na parang Hentil at hindi bilang Judio, bakit mo ngayon pinipilit ang mga Hentil na mamuhay gaya ng mga Judio?”

**Pinapawalang-sala Dahil sa Pananampalataya**

15Kami nga'y ipinanganak na Judio at hindi makasalanang Hentil.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Gayunman, alam naming ang tao'y pinapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo, at hindi sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan. Kaya't kami ay sumampalataya kay Cristo Jesus upang mapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanya, at hindi sa pamamagitan ng Kautusan. Sapagkat walang taong pinapawalang-sala sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan.

17Ngunit kung sa pagsisikap naming mapawalang-sala sa pamamagitan ni Cristo ay matagpuan kaming makasalanan pa, nangangahulugan bang si Cristo ay tagapagtaguyod ng kasalanan? Hinding-hindi!

18Ngunit kung itinatayo kong muli ang winasak ko na, ipinapakita kong makasalanan nga ako.

19Ako'y namatay na sa Kautusan sa pamamagitan rin ng Kautusan upang ngayo'y mabuhay para sa Diyos. Ako'y kasama ni Cristo na ipinako sa krus.

20Kaya hindi na ako ang nabubuhay ngayon kundi si Cristo na ang nabubuhay sa akin. At ang buhay ko ngayon sa katawan ay ikinabubuhay ko sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Diyos na nagmahal sa akin at naghandog ng kanyang sarili para sa akin.

21Hindi ko tinatanggihan ang kagandahang-loob ng Diyos. Kung ang tao'y mapapawalang-sala sa pamamagitan ng Kautusan, walang kabuluhan ang pagkamatay ni Cristo!

## Mga Taga-Galacia 3

**Kautusan o Pananampalataya?**

1Mga hangal kayong mga taga-Galacia! Sino ang nakagayuma sa inyo? Sa harap mismo ng inyong mga mata ay ipinakita ang pagkamatay ni Jesu-Cristo sa krus!

2Sabihin nga ninyo, tinanggap ba ninyo ang Espiritu sa pamamagitan ng mga gawa ayon sa Kautusan o sa pamamagitan ng inyong pananalig sa inyong narinig tungkol kay Cristo?

3Talagang napakahangal ninyo! Nagsimula na kayo sa Espiritu, at ngayo'y nais ninyong magtapos sa pamamagitan ng inyong sariling kapangyarihan!

4Wala na bang halaga sa inyo ang mga naranasan ninyo? Marahil naman ay mayroon.

5Dahil ba sa pagsunod ninyo sa kautusan ay ipinagkakaloob ng Diyos ang Espiritu sa inyo at gumagawa kayo ng mga himala, o dahil sa pananampalataya na inyong narinig tungkol kay Cristo?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Tulad ng nangyari kay Abraham, “Sumampalataya siya sa Diyos, at dahil dito, siya'y itinuring ng Diyos na matuwid.”

7Kung gayon, maliwanag na ang mga nananalig sa Diyos ang mga tunay na anak ni Abraham.

8Bago pa ito nangyari ay ipinahayag na ng kasulatan na pawawalang-sala ng Diyos ang mga Hentil sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang Magandang Balitang ito ay ipinahayag na kay Abraham, “Sa pamamagitan mo'y pagpapalain ang lahat ng bansa.”

9Kaya naman pagpapalain ang mga sumasampalataya tulad ni Abraham na sumampalataya.

10Ang lahat ng nagtitiwala sa pagsunod sa Kautusan ay nasa ilalim ng isang sumpa. Sapagkat nasusulat, “Sumpain ang hindi sumusunod sa lahat ng nakasulat sa aklat ng Kautusan.”

11Malinaw na walang taong pinapawalang-sala sa paningin ng Diyos sa pamamagitan ng Kautusan, sapagkat sinasabi ng kasulatan, “Ang itinuring ng Diyos na matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya ay mabubuhay.”

12Ang Kautusan ay hindi nakabatay sa pananampalataya, sapagkat sinasabi ng kasulatan, “Ang tumutupad sa lahat ng itinatakda ng Kautusan ay mabubuhay sa pamamagitan ng mga ito.”

13Tinubos tayo ni Cristo mula sa sumpa ng Kautusan nang siya ay isinumpa para sa atin, sapagkat nasusulat, “Isinumpa ang bawat binibitay sa punongkahoy.”

14Ginawa ito ni Cristo upang ang mga pagpapalang ipinangako ng Diyos kay Abraham ay makamtan din ng mga Hentil sa pamamagitan ni Cristo Jesus at sa pamamagitan ng pananalig ay matanggap natin ang Espiritung ipinangako ng Diyos.

**Ang Kautusan at ang Pangako**

15Mga kapatid, narito ang isang pangkaraniwang halimbawa. Kapag nalagdaan na ang isang kasunduan, hindi na ito mapapawalang-saysay ni madaragdagan.

16Ngayon, nangako ang Diyos kay Abraham at sa kanyang supling. Hindi sinasabi, “At sa kanyang mga supling,” na ang tinutukoy ay marami kundi, “At sa iyong supling,” na iisa ang tinutukoy at ito'y si Cristo.

17Ito ang ibig kong sabihin, pinagtibay ng Diyos ang isang kasunduan at ipinangako niyang tutuparin ito. Ang kasunduang iyon at ang mga pangako ng Diyos ay hindi mapapawalang-saysay ng Kautusan na dumating pagkaraan ng apat na raan at tatlumpung taon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Kung ang pamana ay ipinagkakaloob dahil sa Kautusan, hindi na ito dahil sa pangako. Ngunit ang pamana ay ibinigay ng Diyos kay Abraham bilang katuparan ng kanyang pangako.

19Kung ganoon, ano ang silbi ng Kautusan? Idinagdag ito upang maipakita kung ano ang paglabag, at may bisa ito hanggang sa dumating ang anak na pinangakuan. Ibinigay ang Kautusan sa pamamagitan ng mga anghel, sa tulong ng isang tagapamagitan.

20Kapag may tagapamagitan, nangangahulugang higit sa isang panig ang gumagawa ng kasunduan—subalit ang Diyos ay iisa.

**Ang mga Anak at ang mga Alipin**

21Ang ibig bang sabihin nito'y salungat ang Kautusan sa mga pangako [ng Diyos]? Hinding-hindi! Kung ang kautusang ibinigay ay nakapagbibigay-buhay, ang tao'y magiging matuwid sa paningin ng Diyos sa pamamagitan ng pagsunod niya sa Kautusan.

22Ngunit ayon sa kasulatan, ang lahat ng tao'y alipin ng kasalanan, kaya't ang ipinangako ng Diyos ay matatanggap sa pamamagitan ng pananalig kay Jesu-Cristo na ibinibigay sa lahat ng sumasampalataya.

23Bago dumating ang panahon ng pananampalataya, tayo'y nakakulong sa Kautusan hanggang sa ang pananampalatayang ito kay Cristo ay mahayag.

24Kaya't ang Kautusan ang naging taga-disiplina natin hanggang sa dumating si Cristo upang tayo'y maituring na matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya.

25Ngayong dumating na ang panahon ng pananampalataya, wala na tayo sa ilalim ng taga-disiplina.

26Dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus, kayong lahat ay mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya.

27Si Cristo mismo ang inyong isinuot na parang damit nang kayo'y nabautismuhan sa inyong pakikipag-isa sa kanya.

28Wala nang pagkakaiba ang Judio at ang Griego, ang alipin at ang malaya, ang lalaki at ang babae. Kayong lahat ay iisa na dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus.

29At kung kayo'y kay Cristo, kayo'y mga anak ni Abraham at tagapagmana ng mga pangako ng Diyos.

## Mga Taga-Galacia 4

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Ito ang ibig kong sabihin: habang bata pa ang tagapagmana, hindi siya nakakahigit sa isang alipin kahit na siya ang may-ari ng lahat.

2Sa halip, siya'y nasa ilalim pa ng mga tagapangasiwa at mga katiwala hanggang sa panahong itinakda ng kanyang ama.

3Gayundin naman, tayo noon ay nasa ilalim ng mga tuntuning umiiral sa sanlibutang ito hanggang sa tayo'y dumating sa hustong gulang.

4Ngunit nang sumapit ang tamang panahon, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak na isinilang ng isang babae at namuhay sa ilalim ng Kautusan

5upang palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan. Sa gayon, tayo'y maituturing na mga anak ng Diyos.

6At dahil kayo'y mga anak ng Diyos, isinugo niya ang Espiritu ng kanyang Anak sa ating mga puso, na tumatawag sa Diyos ng “Ama, Ama ko!”

7Ginawa na kayo ng Diyos na mga anak at hindi na mga alipin, at kung gayon kayo'y mga tagapagmana niya.

**Ang Pagmamalasakit ni Pablo sa mga Taga-Galacia**

8Noong hindi pa ninyo nakikilala ang Diyos, kayo'y alipin ng mga bagay na hindi totoong mga diyos.

9Ngunit ngayong nakikilala na ninyo ang Diyos, o mas tamang sabihin, ngayong nakikilala na kayo ng Diyos, bakit kayo bumabalik sa mga tuntuning walang bisa at walang halaga? Bakit gusto na naman ninyong paalipin sa mga iyon?

10May itinatangi kayong mga araw, mga buwan, mga panahon at mga taon!

11Nangangamba akong baka nasayang lamang ang pagpapagal ko para sa inyo.

12Nakikiusap ako sa inyo mga kapatid, tularan ninyo ako, sapagkat ako'y naging katulad na ninyo. Wala kayong ginawang masama sa akin.

13Alam naman ninyong ang pagkakasakit ko noon ang naging dahilan kaya ko ipinangaral sa inyo ang Magandang Balita.

14Gayunman, hindi ninyo ako itinakwil o hinamak, kahit na naging pagsubok sa inyo ang aking karamdaman. Sa halip, tinanggap ninyo ako na parang anghel ng Diyos, at para pa ngang si Cristo Jesus!

15Nasaan na ngayon ang kasiyahang iyon? Ako mismo ang makakapagpatotoo na kung maaari nga lamang pati ang inyong mga mata'y dudukitin ninyo at ibibigay sa akin noon.

16Ngayon, ituturing ba ninyo akong kaaway dahil sa sinasabi ko sa inyo ang katotohanan?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Pinapahalagahan nga kayo ng mga taong iyan, ngunit hindi mabuti ang kanilang layunin. Nais lamang nila kayong ilayo sa akin upang sila ang inyong pahalagahan.

18Hindi masama ang magpahalaga, kung mabuti ang layunin at hindi kung kaharap lamang ninyo ako!

19Mga anak ko, dahil sa inyo'y minsan pa akong nagdaranas ng hirap tulad ng babaing nanganganak, hanggang sa ganap na mabuo si Cristo sa inyo.

20Sana'y kasama ko kayo ngayon upang maiba ang tono ng aking pagsasalita sapagkat gulung-gulo ang isip ko tungkol sa inyo.

**Ang Paghahambing kina Hagar at Sara**

21Sabihin nga ninyo sa akin, kayong nagnanais mapasailalim ng Kautusan, hindi ba ninyo naririnig ang sinasabi ng Kautusan?

22Sinasabi roon na si Abraham ay nagkaanak ng dalawang lalaki, isa sa aliping babae at isa sa malayang babae.

23Ang anak niya sa aliping babae ay ipinanganak ayon sa kagustuhan ng tao, ngunit ang anak niya sa malayang babae ay ipinanganak bilang katuparan ng pangako ng Diyos.

24Ito'y isang paghahambing. Ang dalawang babae ay larawan ng dalawang kasunduan, ang isa ay ang tipan sa Bundok ng Sinai na kinakatawan ni Hagar at ng kanyang mga anak, na pawang mga alipin.

25Si Hagar ay kumakatawan sa Bundok ng Sinai na nasa Arabia, at larawan ng kasalukuyang Jerusalem sapagkat siya'y nasa pagkaalipin, kasama ng kanyang mga mamamayan.

26Ngunit ang Jerusalem na nasa langit ay malaya, at siya ang ating ina.

27Ayon sa nasusulat, "Magsaya ka, O babaing hindi magkaanak! Humiyaw ka sa galak, ikaw na hindi pa nakaranas ng hirap sa panganganak! Sapagkat higit na marami ang anak ng babaing nangungulila kaysa babaing may asawa."

28Mga kapatid, tulad ni Isaac, tayo'y mga anak ayon sa pangako.

29Kung noong una, ang ipinanganak ayon sa Espiritu ay inuusig ng ipinanganak ayon sa kagustuhan ng tao, gayundin naman ngayon.

30Ngunit ganito ang sinasabi ng kasulatan, "Palayasin mo ang babaing alipin at ang kanyang anak, sapagkat ang anak ng alipin ay hindi dapat makibahagi sa mana ng anak ng malaya."

31Kaya nga, mga kapatid, hindi tayo anak ng alipin kundi ng malaya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Taga-Galacia 5

### Manatili Kayong Malaya

1 Malaya na tayo dahil pinalaya tayo ni Cristo. Kaya magpakatatag kayo at huwag nang paalipin pang muli!

2 Akong si Pablo ang nagsasabi sa inyo, kapag nagpatuli kayo, binabaliwala ninyo si Cristo.

3 Binabalaan ko ang lahat ng taong nagpapatuli, tungkulin nilang sumunod sa buong Kautusan.

4 Kayong nagsisikap na maging matuwid sa pamamagitan ng pagtupad sa Kautusan, inihiwalay ninyo ang inyong sarili kay Cristo at napalayo kayo sa kagandahang-loob ng Diyos.

5 Kami'y umaasa na magiging matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito'y sa kapangyarihan ng Espiritu.

6 Sa mga nakipag-isa na kay Cristo Jesus, hindi na mahalaga kung ang isang tao ay tuli o hindi. Ang mahalaga'y ang pananampalatayang gumagawa sa pamamagitan ng pag-ibig.

7 Maganda na sana ang inyong pagtakbo. Sino ang humarang sa inyong pagsunod sa katotohanan?

8 Hindi kayo hihikayatin ng ganyan ng Diyos na tumawag sa inyo.

9 Ang sabi nga, “Napapaalsa ng kaunting pampaalsa ang buong masa ng harina.”

10 Naniniwala akong sasang-ayon kayo sa akin sa bagay na ito, dahil sa ating kaugnayan sa Panginoon. At natitiyak kong paparusahan ng Diyos ang sinumang nanggugulo sa inyo.

11 Mga kapatid, kung talagang nangangaral pa ako na kailangan ang pagtutuli, bakit pa ako inuusig hanggang ngayon? Kung iyo'y totoo, hindi na sana nila ikinagagalit ang aking pangangaral tungkol sa pagkamatay ni Cristo sa krus.

12 At ang mga nanggugulo sa inyo ay huwag lamang patuli kundi tuluyan na nilang putulan ang sarili nila.

13 Mga kapatid, tinawag kayo upang maging malaya. Ngunit huwag naman ninyong gamitin ang inyong kalayaan upang masunod ang hilig ng laman, kundi maglingkod kayo sa isa't isa sa diwa ng pag-ibig.

14 Sapagkat ang buong Kautusan ay nauuwi sa isang pangungusap, “Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Ngunit kung kayo'y nagkakagatan at nagsasakmalang parang mga hayop, mag-ingat kayo at baka tuluyan ninyong sirain ang isa't isa.

**Ang Espiritu at ang Laman**

16Sinasabi ko sa inyo, mamuhay kayo ayon sa Espiritu at hindi ninyo pagbibigyan ang mga pagnanasa ng laman.

17Sapagkat ang mga pagnanasa ng laman ay laban sa kagustuhan ng Espiritu, at ang kagustuhan ng Espiritu ay laban sa mga pagnanasa ng laman. Magkalaban ang dalawang ito kaya napipigilan kayo sa paggawa ng nais ninyong gawin.

18Kung pinapatnubayan kayo ng Espiritu, wala na kayo sa ilalim ng Kautusan.

19Hindi maikakaila ang mga gawa ng laman: pakikiapid, kahalayan at kalaswaan;

20pagsamba sa diyus-diyosan, pangkukulam, pagkapoot, pag-aaway-away, pagseselos, pagkakagalit at kasakiman, pagkakampi-kampi at pagkakabaha-bahagi,

21pagkainggit, [pagpatay] paglalasing, walang habas na pagsasaya, at iba pang katulad nito. Muli ko kayong binabalaan: ang gumagawa ng mga ito ay hindi magkakaroon ng bahagi sa kaharian ng Diyos.

22Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kabaitan, kabutihan, katapatan,

23kahinahunan, at pagpipigil sa sarili. Walang batas laban sa mga ganito.

24At ipinako na sa krus ng mga nakipag-isa kay Cristo Jesus ang kanilang laman at ang masasamang hilig nito.

25Kung binigyan tayo ng buhay ng Espiritu, mamuhay rin tayo ayon sa Espiritu.

26Huwag tayong maging palalo, huwag nating galitin ang isa't isa, at huwag rin tayong mainggit sa isa't isa.

## Mga Taga-Galacia 6

**Magtulungan sa mga Pasanin**

1Mga kapatid, kung may isa sa inyo na mahulog sa pagkakasala, kayong pinapatnubayan ng Espiritu ang magtuwid sa kanya. Subalit gawin ninyo iyon nang mahinahon, at mag-ingat kayo, baka kayo naman ang matukso.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

2Magtulungan kayo sa pagbuhat ng pasanin ng bawat isa. Sa gayong paraan ay matutupad ninyo ang kautusan ni Cristo.

3Kung inaakala ninyong kayo'y nakakahigit sa iba, subalit hindi naman, dinadaya ninyo ang inyong sarili.

4Suriin ng bawat isa ang kanyang gawa. Sa gayon, ang kanyang kagalakan ay nakabatay sa kanyang gawa. Huwag na niyang ihambing pa iyon sa gawa ng iba,

5sapagkat ang bawat isa ay dapat magdala ng kanyang sariling dalahin.

6Ang mga tinuturuan ng salita ng Diyos ay dapat magbahagi ng lahat ng magagandang bagay sa mga nagtuturo.

7Huwag ninyong linlangin ang inyong sarili; hindi maaaring tuyain ang Diyos. Kung ano ang itinanim ng tao, iyon din ang kanyang aanihin.

8Ang nagtatanim para sa sarili niyang laman ay aani ng pagkabulok mula sa laman. Ngunit ang nagtatanim para sa Espiritu ay aani ng buhay na walang hanggan.

9Kaya't huwag tayong mapagod sa paggawa ng mabuti sapagkat pagdating ng takdang panahon tayo ay aani kung hindi tayo susuko.

10Kaya nga, basta may pagkakataon ay gumawa tayo ng mabuti sa lahat ng tao, lalo na sa mga kapatid natin sa pananampalataya.

**Pangwakas na Babala at Pagbati**

11Tingnan ninyo kung gaano kalaki ang mga titik na ginagamit ko sa pagsulat sa inyo sa pamamagitan ng sarili kong kamay.

12Gusto lamang ng mga namimilit sa inyo na kayo'y magpatuli na makita silang gumagawa ng magagandang bagay. Ginagawa nila iyon upang huwag silang usigin dahil sa krus ni Cristo.

13Kahit na silang mga tuli ay hindi naman tumutupad sa Kautusan; nais lamang nilang patuli kayo upang maipagmalaki nila na kayo man ay tumupad sa tuntuning iyon.

14Huwag nawang mangyari sa akin na ipagmalaki ko ang anumang bagay bukod sa krus ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Sapagkat sa pamamagitan nito, ang mundong ito'y patay na para sa akin, at ako nama'y patay na rin sa mundo.

15Hindi mahalaga kung tuli man o hindi ang isang tao. Ang mahalaga ay kung siya ay bago nang nilalang.

16Manatili nawa ang kapayapaan at habag ng Diyos sa lahat ng namumuhay ayon sa tuntuning ito, at sa buong bayan ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Kaya mula ngayon, huwag nang dagdagan ninuman ang aking mga paghihirap, sapagkat ipinapakita ng mga pilat sa aking katawan na ako'y lingkod ni Jesus.

18Mga kapatid, sumainyo nawang lahat ang kagandahang-loob ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Amen.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Taga-Efeso

## Mga Taga-Efeso 1

1 Mula kay Pablo, na apostol ni Cristo Jesus ayon sa kalooban ng Diyos, Para sa mga hinirang ng Diyos [na nasa Efeso] at tapat na sumasampalataya kay Cristo Jesus:

2 Sumainyo nawa ang kagandahang-loob at kapayapaang mula sa Diyos na ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo.

**Mga Pagpapalang Espirituwal sa Pamamagitan ni Cristo**

3 Purihin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo! Pinagkalooban niya tayo ng lahat ng pagpapalang espirituwal na nagmumula sa langit dahil sa ating pakikipag-isa kay Cristo.

4 Bago pa likhain ang sanlibutan ay pinili na niya tayo upang maging kanya sa pamamagitan ng ating pakikipag-isa kay Cristo at upang tayo'y maging banal at walang kapintasan sa harap niya. Dahil sa pag-ibig ng Diyos,

5 pinili niya tayo upang maging anak niya sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, ayon sa kanyang layunin at kalooban.

6 Sa gayon ay purihin ang kaluwalhatian ng kanyang kagandahang-loob na sagana niyang ibinigay sa atin sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak!

7 Tinubos tayo ni Cristo sa pamamagitan ng kanyang dugo at pinatawad ang ating mga kasalanan. Ganoon kasagana ang kanyang kagandahang-loob

8 na ibinuhos niya sa atin. Ayon sa kanyang karunungan at kaalaman,

9 ipinaunawa sa atin ng Diyos ang hiwaga ng kanyang kalooban ayon sa kanyang layunin na isasakatuparan sa pamamagitan ni Cristo

10 pagdating ng takdang panahon. Layunin niyang tipunin ang lahat ng nilikha sa langit at sa lupa, at ipasailalim ang mga ito kay Cristo.

11 Kami ay pinili ng Diyos mula pa sa simula na maging kanya sa pamamagitan ni Cristo, ayon sa kanyang plano. Ang Diyos ang gumagawa sa lahat ng bagay ayon sa layunin ng kanyang kalooban.

12 Kaming mga unang umasa sa kanya ay pinili niya at hinirang upang parangalan ang kanyang kaluwalhatian.

13 Sa pamamagitan ni Cristo, kayo rin na nakarinig ng salita ng katotohanan, ng Magandang Balita na nagdudulot ng kaligtasan, at sumampalataya sa kanya, ay pinagkalooban ng ipinangakong Espiritu Santo bilang tatak ng pagkahirang sa inyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Ang Espiritu ang katibayan na makakamit natin nang lubos ang lahat ng pangako ng Diyos sa atin, at sa gayon ay pupurihin ang kanyang kaluwalhatian.

**Ang Panalangin ni Pablo**

15Kaya nga, mula nang mabalitaan ko ang tungkol sa inyong pananalig sa Panginoong Jesus at ang inyong pag-ibig sa lahat ng kanyang mga banal,

16walang tigil ang pasasalamat ko sa Diyos para sa inyo. Hindi ko nakakalimutang ipanalangin kayo.

17Idinadalangin ko sa Diyos ng ating Panginoong Jesu-Cristo, ang maluwalhating Ama, na pagkalooban niya kayo ng espiritu ng karunungan at pagpapahayag tungkol sa Diyos upang lubos ninyo siyang makilala.

18Nawa'y liwanagan ng Diyos ang inyong mga puso upang malaman ninyo ang pag-asa na para doon ay tinawag niya kayo, kung gaano kasagana ang pagpapalang inilaan niya para sa kanyang mga banal,

19at kung ano ang di-masukat niyang kapangyarihan na kumikilos sa atin na mga nananalig sa kanya. Ang dakilang kapangyarihan ding iyon

20ang muling bumuhay kay Cristo at nag-upo sa kanya sa kanan ng Diyos sa kalangitan.

21Mula roon ay namumuno si Cristo sa lahat ng paghahari, kapamahalaan, kapangyarihan, at pamunuan sa kalangitan. Higit na dakila ang kanyang pangalan kaysa sa lahat, hindi lamang sa panahong ito kundi maging sa darating.

22Ipinailalim ng Diyos sa paa ni Cristo ang lahat ng bagay, at ginawa siyang ulo ng lahat ng bagay para sa iglesya,

23na siyang katawan ni Cristo, ang kapuspusan niya na pumupuno sa lahat ng bagay.

## Mga Taga-Efeso 2

**Patay Subalit Muling Binigyang-buhay**

1Noong una'y patay kayo dahil sa inyong mga pagsuway at mga kasalanan.

2Sinusunod ninyo noon ang masamang takbo ng mundong ito, at napailalim kayo sa pinuno ng mga kapangyarihan sa himpapawid, ang espiritung naghahari sa mga taong ayaw pasakop sa Diyos.

3Ang totoo, tayong lahat ay dati ring namumuhay ayon sa pagnanasa ng ating laman, at sumusunod sa mga hilig ng katawan at pag-iisip. Kaya't sa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ating likas na kalagayan, kabilang tayo sa mga taong kinapopootan ng Diyos.

4Subalit napakasagana ng habag ng Diyos at napakadakila ng pag-ibig niya sa atin.

5Tayo'y binuhay niyang kasama ni Cristo noong tayo'y mga patay pa dahil sa ating pagsuway. Naligtas nga kayo dahil sa kanyang kagandahang-loob.

6Dahil sa ating pakikipag-isa kay Cristo Jesus, tayo'y muling binuhay na kasama niya upang mamunong kasama niya sa kalangitan.

7Ginawa niya ito upang sa darating na mga panahon ay maipakita niya ang di-masukat na kasaganaan ng kanyang kagandahang-loob, sa kabutihan niya sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus.

8Sapagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y kaloob ng Diyos at hindi mula sa inyong sarili;

9hindi ito bunga ng inyong mga gawa kaya't walang maipagmamalaki ang sinuman.

10Kung ano tayo ngayon ay gawa ng Diyos, at sa pakikipag-isa natin kay Cristo Jesus ay nilikha niya tayo para sa mabubuting gawa na inihanda niya noong una pa man upang gawin natin.

**Pinag-isa kay Cristo**

11Kaya't alalahanin ninyo ang dati ninyong kalagayan. Kayo'y ipinanganak na mga Hentil, at “di-tuli” ang tawag sa inyo ng mga Judio. Ang mga Judio naman ay tinatawag na mga “tuli” dahil sa ginagawa sa kanilang katawan.

12Noong panahong iyon, hiwalay kayo kay Cristo, hindi kabilang sa bayang Israel, at hindi saklaw ng tipan na nababatay sa mga pangako ng Diyos. Noo'y nabubuhay kayo sa mundo nang walang pag-asa at walang Diyos.

13Ngunit ngayon, dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus, kayo na dati'y malayo ay inilapit sa pamamagitan ng dugo ni Cristo.

14Sapagkat si Cristo mismo ang nagbigay sa atin ng kapayapaan dahil pinag-isa niya ang mga Judio at ang mga Hentil. Sa pamamagitan ng kanyang katawan, giniba niya ang pader ng alitan na naghihiwalay sa atin.

15Pinawalang-bisa niya ang Kautusan, kasama ang mga utos at mga alituntunin nito upang mula sa dalawang lahi ay makalikha siya ng isang bagong bayan na nakipag-isa sa kanya at sa gayon ay magkaroon ng kapayapaan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan sa krus, winakasan niya ang kanilang alitan, pinagkasundo sila sa Diyos at pinagbuklod sa iisang katawan.

17Naparito nga si Cristo at ipinangaral niya sa lahat ang Magandang Balita ng kapayapaan, sa inyong mga Hentil na noo'y malalayo, at sa mga Judio na malalapit.

18Dahil kay Cristo, tayong lahat ay nakakalapit sa Ama sa pamamagitan ng iisang Espiritu.

19Samakatuwid, hindi na kayo mga dayuhan o taga-ibang bansa, kundi mga kababayan na ng mga hinirang ng Diyos at kabilang sa kanyang sambahayan.

20Tulad ng isang gusali, kayo'y itinayo sa pundasyong inilagay ng mga apostol at mga propeta, na ang batong panulukan ay si Cristo Jesus.

21Sa pamamagitan niya, ang bawat bahagi ng gusali ay nagkakaugnay-ugnay at nagiging isang templo na nakatalaga sa Panginoon.

22Dahil din sa inyong pakikipag-isa sa kanya, kayo man ay sama-samang itinatayo bilang tahanan ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu.

## Mga Taga-Efeso 3

### Ang Paglilingkod ni Pablo sa mga Hentil

1Dahil dito, akong si Pablo ay naging bilanggo para kay Cristo Jesus alang-alang sa inyong mga Hentil.

2Marahil ay nabalitaan na ninyo na dahil sa kagandahang-loob ng Diyos ay pinagkatiwalaan niya ako ng tungkuling ito para sa inyong ikabubuti.

3Tulad ng naisulat ko na sa ilang salita, ipinaalam sa akin ng Diyos ang kanyang lihim na panukala.

4At habang binabasa ninyo ito, malalaman ninyo kung ano ang pagkaunawa ko sa lihim na panukalang isinakatuparan ni Cristo.

5Ito'y hindi ipinaalam sa mga tao noong mga nakaraang panahon, ngunit inihayag ngayon ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu, sa kanyang mga banal na apostol at mga propeta.

6At ito ang lihim: sa pamamagitan ng Magandang Balita, ang mga Hentil ay mga tagapagmana rin tulad ng mga Judio, kabilang din sa iisang katawan, at may bahagi sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo Jesus.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Sa kagandahang-loob ng Diyos, ako'y ginawa niyang lingkod upang ipangaral ang Magandang Balita. Ang tungkuling ito'y ibinigay niya sa akin sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan.

8Ako ang pinakahamak sa lahat ng mga pinili ng Diyos. Gayunma'y minarapat niyang ipagkaloob sa akin ang natatanging kagandahang-loob na ito, na ipangaral sa mga Hentil ang Magandang Balita tungkol sa di-masukat na kayamanan ni Cristo,

9at upang maipaunawa sa lahat kung paano isasagawa ng Diyos ang kanyang lihim na plano. Sa mga nakaraang panahon ay inilihim ito ng Diyos na lumikha ng lahat ng bagay.

10Ginawa niya ito upang sa pamamagitan ng iglesya ay maipakilala ngayon sa mga pinuno at mga maykapangyarihan sa sangkalangitan ang walang hanggang karunungan ng Diyos na nahahayag sa iba't ibang paraan.

11Ito'y alinsunod sa kanyang layunin bago pa man likhain ang sanlibutan. Tinupad niya ang layuning ito sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.

12Dahil sa ating pakikipag-isa kay Cristo at sa pamamagitan ng ating pananalig sa kanya, makakalapit tayo sa Diyos nang may pagtitiwala at panatag ang loob.

13Kaya't hinihiling ko sa inyo na huwag kayong panghihinaan ng loob dahil sa mga kahirapang tinitiis ko alang-alang sa inyo, sapagkat ito'y para sa inyong ikararangal.

**Ang Pag-ibig ni Cristo**

14Dahil dito, ako'y lumuluhod sa harapan ng Ama,

15na mula sa kanya'y nagkakaroon ng pangalan ang bawat sambahayan sa langit at sa lupa.

16Idinadalangin kong sa pamamagitan ng kanyang Espiritu ay palakasin niya ang inyong buhay espirituwal ayon sa kanyang kayamanan at kadakilaan.

17Nawa'y manatili si Cristo sa inyong mga puso sa pamamagitan ng inyong pananalig. Dalangin ko na ang pag-ibig ang maging ugat at pundasyon sa lahat ng inyong gawain

18upang inyong lubusang maunawaan, kasama ng mga hinirang ng Diyos, kung gaano kalawak, kahaba, kataas, at kalalim ang kanyang pag-ibig.

19At nawa'y maunawaan ninyo ang pag-ibig ni Cristo na hindi kayang abutin ng pag-iisip at sa gayo'y mapuspos kayo ng buong katangian ng Diyos.

20Sa kanya na makakagawa nang higit pa kaysa maaari nating hilingin at isipin, sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihang kumikilos sa atin;

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21sa kanya nawa ang kaluwalhatian sa pamamagitan ng iglesya at ni Cristo Jesus sa lahat ng salinlahi magpakailanman! Amen.

## Mga Taga-Efeso 4

### Ang Pagkakaisa sa Espiritu

1Kaya't ako, na isang bilanggo dahil sa Panginoon, ay nakikiusap sa inyo na mamuhay kayo gaya ng nararapat sa mga tinawag ng Diyos.

2Kayo'y maging mapagpakumbaba, mahinahon at matiyaga. Magparaya kayo dahil sa inyong pagmamahal sa isa't isa.

3Sikapin ninyong mapanatili ang pagkakaisang mula sa Espiritu, sa pamamagitan ng kapayapaang nagbubuklod sa inyo.

4May iisang katawan at iisang Espiritu, kung paanong may iisang pag-asa na para doon kayo'y tinawag ng Diyos.

5May iisang Panginoon, iisang pananampalataya at iisang bautismo,

6iisang Diyos at Ama nating lahat. Siya ay higit sa lahat, kumikilos sa lahat, at nananatili sa lahat.

7Ang bawat isa sa ati'y nakatanggap ng tanging kaloob, ayon sa sukat na ibinigay ni Cristo.

8Ganito ang sinasabi ng kasulatan: “Nang umakyat siya sa kalangitan, nagdala siya ng maraming bihag, at nagbigay ng mga kaloob sa mga tao.”

9Anong ibig sabihin ng “umakyat siya”? Ang ibig sabihin niyan ay bumabâ muna siya sa mga kailalimang bahagi ng lupa.

10Ang bumabâ ay siya rin namang umakyat sa kaitaasan ng kalangitan upang mapuno ng kanyang presensya ang buong sangnilikha.

11At binigyan niya ang ilan ng kaloob upang maging mga apostol, ang iba nama'y mga propeta, ang iba'y mga ebanghelista, at ang iba'y mga pastor at mga guro.

12Ginawa niya ito upang ihanda sa paglilingkod ang lahat ng mga hinirang, upang maging matatag ang katawan ni Cristo,

13hanggang makarating tayo sa pagkakaisa ng pananampalataya at pagkakilala sa Anak ng Diyos, at maging ganap ang ating pagkatao ayon sa pagiging-ganap ni Cristo.

14Nang sa gayon, hindi na tayo magiging tulad sa mga batang madaling matangay ng sari-saring aral. Hindi na tayo maililigaw ng mga taong ang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

hangad ay dalhin tayo sa kamalian sa pamamagitan ng kanilang katusuhan at panlilinlang.

15Sa halip, sa pamamagitan ng pagsasalita ng katotohanan sa diwa ng pag-ibig, tayo'y dapat maging lubos na katulad ni Cristo na siyang ulo nating lahat.

16Sa pamamagitan niya, ang buong katawan ay pinag-uugnay-ugnay ng mga kasukasuan na mula rin sa kanya. At kung maayos na gumaganap ng tungkulin ang bawat bahagi, lumalaki ang katawan at pinapatatag nito ang sarili sa pamamagitan ng pag-ibig.

**Ang Bagong Buhay kay Cristo**

17Sa pangalan ng Panginoon, binabalaan ko kayo: huwag na kayong mamuhay tulad ng mga hindi sumasampalataya. Walang kabuluhan ang kanilang iniisip,

18at wala silang pang-unawa. Dahil sa kanilang kamangmangan at katigasan ng ulo, wala silang bahagi sa buhay na kaloob ng Diyos.

19Sila'y naging alipin ng kahalayan at wala na silang kahihiyan. Wala na silang inaatupag kundi pawang kalaswaan.

20Hindi ganyan ang natutunan ninyo tungkol kay Cristo.

21Napakinggan na ninyo ang aral ni Jesus at natutunan na ninyo ang katotohanang nasa kanya.

22Iwan na ninyo ang dating pamumuhay. Hubarin na ninyo ang inyong dating pagkatao na nasisira dahil sa masasamang pagnanasa.

23Magbago na kayo ng diwa at pag-iisip;

24at ang dapat ninyong isuot ay ang bagong pagkatao na nilikhang kalarawan ng Diyos, at nahahayag sa matuwid at banal na pamumuhay ayon sa katotohanan.

25Dahil dito, itakwil na natin ang pagsisinungaling at tayong lahat ay magsabi ng totoo sa isa't isa, sapagkat tayo'y bahagi ng iisang katawan.

26Kung magagalit man kayo, iwasan ninyo ang kayo'y magkasala. Huwag ninyong hayaang lumubog ang araw na galit pa rin kayo.

27Huwag ninyong bigyan ng pagkakataon ang diyablo.

28Ang magnanakaw ay huwag nang magnakaw; sa halip, magtrabaho siya nang marangal para sa sariling ikabubuhay at makatulong sa mga nangangailangan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29Huwag kayong gumamit ng masasamang salita kundi iyong makapagpapalakas at angkop sa pagkakataon upang makapagdulot ng mabuti sa mga nakakarinig.

30At huwag ninyong saktan ang kalooban ng Espiritu Santo, sapagkat siya ang tatak ng Diyos sa inyo, ang katibayan na kayo'y tutubusin pagdating ng takdang araw.

31Alisin na ninyo ang lahat ng sama ng loob, poot at galit; huwag na kayong mambubulyaw, manlalait at mananakit ng damdamin ng kapwa.

32Sa halip, maging mabait kayo at maawain; magpatawad kayo sa isa't isa tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos dahil kay Cristo.

## Mga Taga-Efeso 5

### Mamuhay Ayon sa Liwanag

1Yamang kayo'y mga anak na minamahal ng Diyos, tularan ninyo siya.

2Mamuhay kayo nang may pagmamahal tulad ni Cristo; dahil sa kanyang pagmamahal sa atin, inialay niya ang kanyang buhay bilang mabangong alay at handog sa Diyos.

3Kayo'y mga hinirang ng Diyos, kaya't hindi dapat mabanggit man lamang na kayo'y nakikiapid o gumagawa ng anumang uri ng kahalayan o pag-iimbot.

4Huwag din kayong gagamit ng anumang malaswa o walang kabuluhang pananalita at pagbibirong di nararapat. Sa halip, magpasalamat kayo sa Diyos.

5Alam ninyong walang bahagi sa kaharian ni Cristo at ng Diyos ang taong nakikiapid, mahalay, o sakim. Ang kasakiman ay isang uri ng pagsamba sa diyus-diyosan.

6Huwag kayong padaya kaninuman sa pamamagitan ng mga pangangatuwirang walang kabuluhan, sapagkat dahil nga sa mga ito, ang Diyos ay napopoot sa mga suwail.

7Kaya't huwag kayong makisama sa kanila.

8Dati, kayo'y nasa kadiliman, ngunit ngayo'y nasa kaliwanagan na, sapagkat kayo'y nasa Panginoon. Mamuhay kayo ngayon nang nararapat sa mga taong nasa liwanag.

9Sapagkat pawang mabuti, matuwid at totoo ang ginagawa ng namumuhay sa liwanag.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Sikapin ninyong matutunan kung ano ang kalugud-lugod sa Panginoon.

11Huwag kayong makibahagi sa mga gawain ng kadiliman na walang ibinubungang mabuti. Sa halip ay ibunyag ninyo ang mga iyon.

12Kahiya-hiyang mabanggit man lamang ang mga bagay na iyon na ginagawa nila nang lihim.

13Ang lahat ng nalalantad sa liwanag ay nakikilala kung ano talaga ang mga iyon,

14at nalalantad ang lahat dahil sa liwanag. Kaya't sinasabi, “Gumising ka, ikaw na natutulog, bumangon ka mula sa libingan, at liliwanagan ka ni Cristo.”

15Kaya't mag-ingat kayo kung paano kayo namumuhay. Mamuhay kayong tulad ng matatalino at di tulad ng mga mangmang.

16Gamitin ninyo nang lubusan para sa mabuti ang bawat pagkakataon, sapagkat puno ng kasamaan ang kasalukuyang panahon.

17Huwag kayong maging hangal. Sa halip, unawain ninyo kung ano ang kalooban ng Panginoon.

18Huwag kayong maglalasing, sapagkat sisirain lamang niyan ang inyong buhay. Sa halip ay dapat kayong mapuspos ng Espiritu.

19Sa inyong pag-uusap gumamit kayo ng mga salmo, mga himno at mga awiting espirituwal; buong puso kayong umawit at magpuri sa Panginoon.

20Lagi kayong magpasalamat sa Diyos na ating Ama dahil sa lahat ng bagay, sa pangalan ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

**Tagubilin sa Mag-asawa**

21Pasakop kayo sa isa't isa bilang tanda ng inyong paggalang kay Cristo.

22Mga babae, pasakop kayo sa sarili ninyong asawa tulad ng pagpapasakop ninyo sa Panginoon.

23Sapagkat ang lalaki ang ulo ng kanyang asawa, tulad ni Cristo na siyang ulo ng iglesya, na kanyang katawan, at siya ang Tagapagligtas nito.

24Kung paanong nasasakop ni Cristo ang iglesya, gayundin naman, ang mga babae ay dapat pasakop nang lubusan sa kanilang sariling asawa.

25Mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa na gaya ng pagmamahal ni Cristo sa iglesya. Inihandog niya ang kanyang buhay para sa iglesya

26upang ialay ito sa Diyos, matapos linisin sa pamamagitan ng paghuhugas sa tubig at sa salita.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Ginawa niya ito upang ang iglesya ay maiharap niya sa kanyang sarili na nasa kagandahan nito, walang anumang dungis ni kulubot man, banal at walang anumang kapintasan.

28Gayundin naman, dapat mahalin ng mga lalaki ang kanilang asawa tulad ng sarili nilang katawan. Ang lalaking nagmamahal sa kanyang asawa ay nagmamahal sa kanyang sarili.

29Walang taong namumuhi sa sarili niyang katawan. Sa halip, ito'y kanyang pinapakain at inaalagaan, tulad ng ginagawa ni Cristo sa iglesya.

30Tayo nga'y mga bahagi ng kanyang katawan.

31Gaya ng sinasabi sa kasulatan, “Dahil dito, iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at magsasama sila ng kanyang asawa; at silang dalawa ay magiging isa.”

32Mayroon ditong malalim na hiwaga, at sinasabi ko na ito'y tumutukoy sa kaugnayan ni Cristo sa iglesya.

33Subalit ito'y para din sa inyo: kayong mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa gaya ng inyong sarili; mga babae, igalang ninyo ang inyong asawa.

## Mga Taga-Efeso 6

### Tagubilin sa mga Magulang at mga Anak

1Mga anak, sundin ninyo ang inyong mga magulang, [alang-alang sa Panginoon,] sapagkat ito ang nararapat.

2“Igalang mo ang iyong ama at ina.” Ito ang unang utos na may kalakip na pangako:

3“Magiging maganda at mahaba ang iyong buhay sa lupa.”

4Mga magulang, huwag ninyong ibuyo sa paghihimagsik laban sa inyo ang inyong mga anak. Sa halip, palakihin ninyo sila ayon sa disiplina at aral ng Panginoon.

### Katuruan para sa mga Alipin at mga Amo

5Mga alipin, sundin ninyo ang inyong mga amo dito sa lupa nang may buong katapatan, takot at paggalang, na parang si Cristo ang siya ninyong pinaglilingkuran.

6Gawin ninyo iyan, may nakakakita man o wala, hindi upang mapuri ng mga tao kundi dahil kayo'y mga lingkod ni Cristo at buong pusong sumusunod sa kalooban ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7 Maglingkod kayo nang masaya ang kalooban na parang sa Panginoon kayo naglilingkod at hindi sa tao.

8 Sapagkat alam ninyong gagantimpalaan ng Panginoon ang bawat mabuting gawa ninuman, maging siya man ay alipin o malaya.

9 Mga amo, maging mabait kayo sa inyong mga alipin at huwag silang pagbabantaan. Huwag ninyong kalilimutan na kayo'y parehong alipin ng iisang Panginoon na nasa langit, at pantay ang kanyang pagtingin sa inyo.

### Mga Sandatang Kaloob ng Diyos

10 Bilang pagwawakas, magpakatibay kayo sa kalakasang galing sa Panginoon at sa kanyang dakilang kapangyarihan.

11 Isuot ninyo ang buong kasuotang pandigma na kaloob ng Diyos, upang mapaglabanan ninyo ang mga pakana ng diyablo.

12 Sapagkat hindi tayo nakikipaglaban sa mga tao, kundi sa mga pinuno, sa mga maykapangyarihan, sa mga tagapamahala ng kadilimang umiiral sa sanlibutang ito, sa mga hukbong espirituwal ng kasamaan sa himpapawid.

13 Kaya't gamitin ninyo ang kasuotang pandigma na mula sa Diyos. Sa gayon, makakatagal kayo sa pakikipaglaban pagdating ng araw na sumalakay ang masama, upang pagkatapos ng labanan ay matatag pa rin kayong nakatayo.

14 Kaya't maging handa kayo. Ibigkis sa inyong baywang ang sinturon ng katotohanan, at isuot sa dibdib ang baluti ng katuwiran;

15 isuot ninyo ang sapatos ng pagiging handa sa pangangaral ng Magandang Balita ng kapayapaan.

16 Lagi ninyong gawing panangga ang pananampalataya, na siyang papatay sa lahat ng nagliliyab na palaso ng diyablo.

17 Isuot ninyo ang helmet ng kaligtasan, at gamitin ang tabak ng Espiritu, na walang iba kundi ang Salita ng Diyos.

18 Manalangin kayo sa lahat ng pagkakataon, humiling at sumamo sa patnubay ng Espiritu. Lagi kayong maging handa, at patuloy na ipanalangin ang lahat ng hinirang ng Diyos.

19 Ipanalangin din ninyong ako'y pagkalooban ng wastong pananalita upang buong tapang kong maipahayag ang hiwaga ng Magandang Balitang ito.

20 Dahil sa Magandang Balitang ito, ako'y isinugo, at ngayo'y nakabilanggo. Kaya't ipanalangin ninyong maipahayag ko ito nang buong tapang gaya ng nararapat.

### Mga Pangwakas na Bati

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

21Si Tiquico, na mahal nating kapatid at tapat na lingkod ng Panginoon, ang magbabalita sa inyo ng lahat ng bagay tungkol sa aking kalagayan at ginagawa.

22Kaya't isinusugo ko siya sa inyo upang malaman ninyo ang aming kalagayan, at upang palakasin ang inyong loob.

23Nawa'y ipagkaloob ng Diyos Ama at ng Panginoong Jesu-Cristo sa lahat ng mga kapatid ang kapayapaan at ang pag-ibig na kalakip ng pananampalataya.

24Ang kagandahang-loob ng Diyos ay sumainyong lahat na umiibig nang walang maliw sa ating Panginoong Jesu-Cristo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Taga-Filipos

## Mga Taga-Filipos 1

1 Mula kina Pablo at Timoteo na mga lingkod ni Cristo Jesus, Para sa mga
taga-Filipos na mga hinirang ng Diyos at sumasampalataya kay Cristo
Jesus, gayundin sa mga tagapangasiwa at mga tagapaglingkod:

2 Sumainyo nawa ang kagandahang-loob at kapayapaan ng Diyos na ating
Ama at ng Panginoong Jesu-Cristo.

### Ang Panalangin ni Pablo para sa mga Taga-Filipos

3 Nagpapasalamat ako sa aking Diyos tuwing naaalala ko kayo.

4 Ako'y nagagalak tuwing ako'y nananalangin para sa inyong lahat,

5 dahil sa inyong pakikiisa sa pagpapalaganap ng Magandang Balita tungkol
kay Cristo, mula nang ito'y inyong tanggapin hanggang sa kasalukuyan.

6 Natitiyak kong ang mabuting gawang pinasimulan sa inyo ng Diyos ay
kanyang lulubusin hanggang sa Araw ni Jesu-Cristo.

7 Kayo'y laging nasa aking puso, kaya dapat lang na pahalagahan ko kayo
nang ganito. Magkasama tayong tumanggap ng pagpapala ng Diyos, noon
pa man nang ako'y malayang nagtatanggol at nagpapalaganap ng
Magandang Balita at kahit ngayong ako'y nakabilanggo.

8 Saksi ko ang Diyos na ang pananabik ko sa inyong lahat ay kagaya ng
pagmamahal sa inyo ni Jesu-Cristo.

9 Idinadalangin ko sa Diyos na ang inyong pag-ibig ay patuloy na sumagana
at masangkapan ng malinaw na kaalaman at pagkaunawa,

10 upang mapili ninyo ang pinakamahalaga sa lahat. Sa gayon, sa Araw ni
Cristo ay matagpuan kayong malinis, walang kapintasan,

11 at sagana sa magagandang katangiang kaloob sa inyo ni Jesu-Cristo, sa
ikararangal at ikadadakila ng Diyos.

### Si Cristo ang Buhay

12 Mga kapatid, nais kong malaman ninyo na ang mga nangyari sa akin ay
nakatulong nang malaki sa ikalalaganap ng Magandang Balita.

13 Nalaman ng mga bantay sa palasyo at ng iba pang naririto na ako'y
nabilanggo dahil sa pagsunod ko kay Cristo.

14 At ang karamihan sa mga kapatid ay lalong tumibay sa kanilang pananalig
sa Panginoon dahil sa aking pagkabilanggo. Hindi lamang iyon, lalo pang
lumakas ang kanilang loob na ipangaral ang salita ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Totoo nga na may ilang nangangaral tungkol kay Cristo dahil sa pagkainggit at pagkahilig sa pakikipagtalo, ngunit mayroon din namang nangangaral nang may tapat na hangarin.

16Si Cristo'y ipinapangaral nila dahil sa tunay na pagmamahal, sapagkat alam nilang ako'y hinirang upang ipagtanggol ang Magandang Balita.

17Ngunit ang iba ay nangangaral nang di tapat sa kalooban, kundi dahil sa udyok ng masamang hangarin, sapagkat hangad nilang dagdagan pa ang paghihirap ko sa aking pagkakabilanggo.

18Ngunit walang anuman sa akin ang lahat ng iyon. Ikinagagalak ko na si Cristo ay naipapangaral, maging tapat man o hindi ang hangarin ng mga nangangaral. Ang isa ko pang ikinagagalak

19ay ang pag-asang ako'y makakalaya sa pamamagitan ng inyong mga panalangin at sa tulong ng Espiritu ni Jesu-Cristo.

20Ang aking pinakananais at inaasahan ay ang hindi ako mapahiya sa anumang bagay; kundi sa lahat ng panahon, at lalo na ngayon, ay buong tapang kong maparangalan si Cristo sa buhay man o sa kamatayan.

21Sapagkat para sa akin, ang buhay ay para kay Cristo at ang kamatayan ay pakinabang.

22Kung ako'y mananatiling buháy, ito'y kapaki-pakinabang sapagkat marami pa akong magagawang mabubuting bagay. Hindi ko ngayon malaman kung alin ang aking pipiliin.

23May pagtatalo sa loob ko; nais ko nang pumanaw sa mundong ito upang makapiling ni Cristo, sapagkat ito ang lalong mabuti.

24Ngunit alang-alang sa inyo, mas kailangan pang manatili ako sa buhay na ito.

25Dahil dito, natitiyak kong ako'y mabubuhay pa at makakasama ninyong lahat upang matulungan kayong magpatuloy nang may kagalakan sa inyong pananalig sa Panginoon.

26Kung magkagayon, lalo ninyo akong maipagmamalaki at lalo ninyong pupurihin si Cristo Jesus dahil sa aking pagbabalik sa inyo.

27Kaya nga, mga kapatid, pagsikapan ninyong mamuhay nang nararapat ayon sa Magandang Balita ni Cristo. Sa gayon, makabalik man ako sa inyong piling o hindi, makakatiyak pa rin akong kayo'y naninindigan sa iisang diwa at sama-samang ipinaglalaban ang pananampalataya sa Magandang Balita.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

28Huwag kayong matakot sa inyong mga kaaway. Magpakatatag kayo sapagkat ito mismo ang palatandaan na sila ay mapapahamak at kayo'y ililigtas ng Diyos.

29Dahil ipinagkaloob niya sa inyo, hindi lamang ang manalig sa kanya, kundi ang magtiis din naman alang-alang kay Cristo.

30Ngayon, kasama ko na kayo sa pakikipaglabang nakita ninyong ginawa ko noon, at nababalitaan ninyong ginagawa ko pa rin hanggang ngayon.

## Mga Taga-Filipos 2

### Ang Halimbawa ni Cristo

1Kaya nga, yamang mayroong kasiglahan ang buhay kay Cristo, mayroong kaaliwan ng pag-ibig, mayroong pakikiisa ng Espiritu Santo, at mayroong kagandahang-loob at malasakit para sa isa't isa,

2lubusin ninyo ang aking kagalakan; magkaroon kayo ng iisang kaisipan, mabuklod kayo sa iisang pag-ibig, at magkaisa kayo sa puso't diwa.

3Huwag kayong gumawa ng anuman dahil sa pansariling layunin o pagyayabang; sa halip, bilang tanda ng pagpapakumbaba, ituring ninyong higit ang iba kaysa inyong mga sarili.

4Pagmalasakitan ninyo ang kapakanan ng iba, at hindi lamang ang sa inyong sarili.

5Nawa'y magkaroon kayo ng kaisipan na tulad ng kay Cristo Jesus.

6Kahit taglay niya ang kalikasan ng Diyos, hindi niya ipinagpilitang manatiling kapantay ng Diyos.

7Sa halip, kusa niyang binitawan ang pagiging kapantay ng Diyos, at namuhay na isang alipin. Ipinanganak siya bilang tao. At nang siya'y maging tao,

8nagpakumbaba siya at naging masunurin hanggang kamatayan, maging ito man ay kamatayan sa krus.

9Dahil dito, siya'y lubusang itinaas ng Diyos, at binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan.

10Sa gayon, sa pangalan ni Jesus ay luluhod at magpupuri ang lahat ng nasa langit, nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa.

11At ang lahat ay magpapahayag na si Jesu-Cristo ay Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Diyos Ama.

### Maging Ulirang Anak ng Diyos

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Kaya nga, mga minamahal, tulad ng inyong buong-pusong pagsunod noong ako'y kasama pa ninyo, lalo kayong maging masunurin ngayong ako'y malayo sa inyo. Pagsumikapan ninyong maging ganap ang inyong kaligtasan nang may lubusang paggalang at pag-ibig sa Diyos,

13sapagkat ang Diyos ang kumikilos sa inyo upang inyong naisin at isagawa ang kanyang kalooban.

14Gawin ninyo ang lahat ng bagay nang walang reklamo at pagtatalo,

15upang kayo'y maging mga ulirang anak ng Diyos, matuwid at walang kapintasan sa gitna ng sanlibutang baluktot at masama. Sa gayon, magsisilbi kayong mga ilaw sa kanila, tulad ng mga bituing nagniningning sa kalangitan,

16habang ipinapahayag ninyo ang salitang nagbibigay-buhay. Sa gayon, sa Araw ni Cristo ay maipagmamalaki kong hindi nawalan ng kabuluhan ang mga hirap at pagod ko sa inyo.

17Kung ang buhay ko ma'y ibuhos bilang handog para sa inyong paglilingkod at pananampalataya sa Diyos, ako'y natutuwa at ang puso ko'y nakikigalak sa inyo.

18Kaya magalak din kayo at bahaginan ninyo ako ng inyong kagalakan.

### Sina Timoteo at Epafrodito

19Umaasa ako sa Panginoong Jesus na mapapapunta ko agad riyan si Timoteo upang mapanatag ang aking loob kapag aking malaman mula sa kanya ang inyong kalagayan.

20Wala nang hihigit sa kanya sa pakikiisa sa aking damdamin at pagmamalasakit para sa inyong kapakanan.

21Ang inaatupag lamang ng iba ay ang sarili nilang kapakanan at hindi ang kay Jesu-Cristo.

22Kayo na rin ang nakakaalam sa katapatan ni Timoteo. Kasama ko siya sa pangangaral ng Magandang Balita. Tinulungan niya ako tulad ng pagtulong ng isang anak sa kanyang ama.

23Kaya, binabalak kong papuntahin siya riyan pagkatapos kong matiyak ang magiging kalagayan ko rito.

24Subalit ako'y umaasa, sa tulong ng Panginoon, na ako rin ay makakapunta riyan sa lalong madaling panahon.

25Inisip kong kailangan nang papuntahin diyan ang ating kapatid na si Epafrodito, na aking kamanggagawa at kapwa kawal ng Diyos na isinugo ninyo upang magdala ng inyong kaloob, at upang makatulong sa akin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Sabik na sabik na siya sa inyong lahat. Nag-aalala siya dahil nabalitaan ninyong nagkasakit siya.

27Totoong siya'y nagkasakit at muntik nang mamatay. Subalit kinahahabagan siya ng Diyos, at hindi lamang siya kundi pati ako, upang huwag nang madagdagan pa ang aking kalungkutan.

28Kaya nga, nais kong makapunta na siya riyan sapagkat alam kong matutuwa kayong makita siyang muli. Sa gayon, mawawala na ang aking kalungkutan.

29Kaya, tanggapin ninyo siya nang buong galak bilang isang tunay na lingkod ng Panginoon. Igalang ninyo ang mga taong tulad niya.

30Sapagkat muntik na siyang namatay alang-alang sa gawain para kay Cristo; itinaya niya ang kanyang buhay sa paglilingkod sa akin upang mapunuan ang hindi ninyo kayang gampanan.

## Mga Taga-Filipos 3

### Ang Tunay na Pagiging Matuwid

1Sa wakas, mga kapatid, magalak kayo sa Panginoon. Hindi kaabalahan para sa akin na ulitin ang naisulat ko na, dahil ito naman ay para sa inyong kapakanan.

2Mag-ingat kayo sa mga taong asal-aso, sa mga taong mahilig sa paggawa ng masama. Sila'y mga taong naghihiwa ng maselang bahagi ng kanilang katawan.

3Tayo at hindi sila, ang tumanggap ng tunay na pagtutuli, tayong mga sumasamba sa Diyos sa pamamagitan ng kanyang Espiritu. Ang ipinagmamalaki natin ay ang ating buhay kay Cristo Jesus at hindi tayo umaasa sa mga pisikal na bagay.

4Ang totoo, ako'y may sapat na dahilan upang panghawakan ang mga pisikal na bagay. Kung iniisip ninuman na siya'y may katuwirang umasa sa ganitong mga bagay, lalo na ako.

5Ako'y tinuli sa ikawalong araw mula nang ako'y isilang. Ako'y isang tunay na Israelita, buhat sa angkan ni Benjamin at totoong Hebreo. Kung pagsunod naman sa Kautusan ang pag-uusapan, ako'y isang Pariseo.

6Kung sa pagiging masugid ko sa Kautusan, inusig ko ang iglesya. Kung sa pagiging matuwid naman ayon sa Kautusan, walang maisusumbat sa akin.

7Ngunit dahil kay Cristo, ang mga bagay na pinapahalagahan ko noon ay itinuring kong walang kabuluhan ngayon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[8]Oo, itinuturing kong walang kabuluhan ang lahat ng bagay bilang kapalit ng lalong mahalaga, ang pagkakilala kay Cristo Jesus na aking Panginoon. Ang lahat ng bagay ay ipinalagay kong walang kabuluhan at itinuring kong basura, makamtan ko lamang si Cristo

[9]at lubos na makipag-isa sa kanya. Ang aking pagiging matuwid ay hindi sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan, kundi sa pananalig kay Cristo. Ang pagiging matuwid ko ngayo'y buhat sa Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya.

[10]Ang tanging hangarin ko ngayon ay lubusang makilala si Cristo, maranasan ang kapangyarihan ng kanyang muling pagkabuhay, makibahagi sa kanyang mga paghihirap, at maging katulad niya sa kanyang kamatayan,

[11]umaasang ako man ay muling bubuhayin mula sa kamatayan.

**Magpatuloy Tungo sa Hangganan**

[12]Hindi sa nakamtan ko na ang mga bagay na ito. Hindi rin sa ako'y ganap na; ngunit sinisikap kong makamtan ang gantimpala sapagkat ito ang dahilan kung bakit ako'y tinawag ni Cristo Jesus.

[13]Mga kapatid, hindi ko ipinapalagay na nakamit ko na ito. Ngunit isang bagay ang ginagawa ko: habang nililimot ko ang nakaraan at sinisikap na marating ang layuning nais kong makamtan,

[14]nagpupunyagi ako patungo sa hangganan upang makamtan ang gantimpala ng pagkatawag sa akin ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo Jesus, ang buhay na nasa langit.

[15]Ganyan ang dapat maging kaisipan nating mga matatag na sa pananampalataya. Kung hindi ganito ang inyong pag-iisip, ipapaunawa iyan sa inyo ng Diyos.

[16]Ang mahalaga ay panghawakan natin ang ating nakamtan na.

[17]Mga kapatid, magkaisa kayong tumulad sa halimbawang ipinakita ko sa inyo. Pag-ukulan din ninyo ng pansin ang lahat ng sumusunod sa aming halimbawa.

[18]Sapagkat tulad ng madalas kong sinasabi sa inyo noon at ngayo'y luhaang inuulit ko, marami ang namumuhay bilang mga kaaway ng krus ni Cristo.

[19]Kapahamakan ang kahihinatnan nila sapagkat ang dinidiyos nila ay ang hilig ng kanilang katawan. Ikinararangal nila ang mga bagay na dapat sana nilang ikahiya, at wala silang iniisip kundi ang mga bagay na may kinalaman sa mundong ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]Subalit sa kabilang dako, tayo ay mga mamamayan ng langit. Mula roo'y hinihintay nating may pananabik ang Panginoong Jesu-Cristo, ang ating Tagapagligtas.

[21]Sa pamamagitan ng kapangyarihang ginamit niya sa pagpapasuko sa lahat ng bagay, ang ating katawang may kahinaan ay babaguhin niya upang maging katulad ng kanyang katawang maluwalhati.

## Mga Taga-Filipos 4

### Ilang mga Tagubilin

[1]Kaya nga, mga kapatid kong minamahal at pinananabikan, aking kagalakan at karangalan, sa ganitong paraan ay magpakatatag kayo sa inyong pamumuhay na nakaugnay sa Panginoon.

[2]Nakikiusap ako kina Euodia at Sintique na sila'y magkasundo na bilang magkapatid sa Panginoon.

[3]Ipinapakiusap ko rin naman sa iyo, tapat kong katuwang, tulungan mo ang dalawang babaing ito. Sila man ay kasama kong nagpagal sa pagpapalaganap ng Magandang Balita, kasama si Clemente at ang iba pang kamanggagawa ko. Ang mga pangalan nila'y nakasulat sa aklat ng buhay.

[4]Magalak kayong lagi sa Panginoon. Inuulit ko, magalak kayo!

[5]Ipadama ninyo sa lahat ang inyong kabutihang-loob. Malapit nang dumating ang Panginoon.

[6]Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip, hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat.

[7]At ang kapayapaan ng Diyos na hindi kayang maunawaan ng tao ang siyang mag-iingat sa inyong puso at pag-iisip dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus.

[8]Bilang pagtatapos, mga kapatid, lagi ninyong isaisip ang mga bagay na karapat-dapat at kapuri-puri: mga bagay na totoo, marangal, matuwid, malinis, kaibig-ibig, at kagalang-galang.

[9]Isagawa ninyo ang lahat ng inyong natutunan, tinanggap, narinig at nakita sa akin. Sa gayon, sasainyo ang Diyos na nagbibigay ng kapayapaan.

### Salamat sa Inyong Tulong

[10]Labis akong nagagalak sa Panginoon sapagkat pagkaraan ng mahabang panahon, minsan pang ipinamalas ninyo ang inyong pagmamalasakit sa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

akin. Alam kong hindi ninyo ako nalilimutan, wala nga lamang kayong pagkakataong ipamalas ito.

11Hindi ko sinasabi ito dahil sa kayo'y pinaghahanapan ko ng tulong. Natutunan ko nang masiyahan, maging anuman ang aking kalagayan.

12Alam ko kung paano maghikahos; alam ko rin kung paano managana; natutunan ko na ang sikreto kung paano masiyahan sa anumang kalagayan sa buhay, ang mabusog o ang magutom, ang managana o ang maghirap.

13Ang lahat ng ito'y magagawa ko dahil sa lakas na kaloob sa akin ni Cristo.

14Gayunman, ikinagagalak ko ang inyong pagdamay sa aking mga paghihirap.

15Alam naman ninyo, mga taga-Filipos, na kayo lamang ang iglesyang tumulong sa aking mga pangangailangan nang umalis ako sa Macedonia noong ako'y nagsisimula pa lamang sa pangangaral ng Magandang Balita.

16Noong ako'y nasa Tesalonica na, makailang ulit ding pinadalhan ninyo ako ng tulong.

17Hindi sa hangad kong laging tumanggap ng mga kaloob, kundi ang nais ko ay makatanggap kayo ng masaganang gantimpala.

18Ang liham na ito ang pagkilala sa lahat ng mga kaloob ninyo sa akin. Higit pa sa pangangailangan ko ang tulong ninyo sa akin na hatid ni Epafrodito. Ang mga ito ay tulad ng mabangong handog sa Diyos, mga alay na katanggap-tanggap at kalugud-lugod sa kanya.

19At buhat sa hindi mauubos na kayamanan ng Diyos, ibibigay niya ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ni Cristo Jesus.

20Purihin ang ating Diyos at Ama magpakailanman! Amen.

**Pangwakas na Pagbati**

21Paratingin ninyo sa lahat ng mga hinirang ng Diyos kay Cristo Jesus ang aking pagbati. Binabati kayo ng mga kapatid na kasama ko rito.

22Binabati rin kayo ng lahat ng mga hinirang ng Diyos, lalo na ng mga naririto sa palasyo ng Emperador.

23Nawa'y taglayin ng inyong espiritu ang kagandahang-loob ng Panginoong Jesu-Cristo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Taga-Colosas

## Mga Taga-Colosas 1

1Mula kay Pablo, apostol ni Cristo Jesus ayon sa kalooban ng Diyos, at mula rin sa kapatid nating si Timoteo:

2Para sa mga taga-Colosas na hinirang ng Diyos at mga tapat na kapatid kay Cristo. Sumainyo nawa ang kagandahang-loob at kapayapaang mula sa Diyos na ating Ama.

### Panalangin ng Pasasalamat

3Tuwing ipinapanalangin namin kayo, lagi kaming nagpapasalamat sa Diyos na Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

4Sapagkat nabalitaan namin ang inyong pananalig kay Cristo Jesus at ang inyong pag-ibig sa lahat ng hinirang ng Diyos,

5dahil sa pag-asang makakamtan ninyo na inihanda para sa inyo sa langit. Nalaman ninyo ang tungkol sa pag-asang ito nang ipangaral sa inyo ang salita ng katotohanan, ang Magandang Balita na dumating sa inyo.

6Ito'y lumalaganap at nagdadala ng pagpapala sa buong daigdig, tulad ng nangyari sa inyo mula nang marinig at maunawaan ninyo ang katotohanan tungkol sa kagandahang-loob ng Diyos.

7Natutunan ninyo ito kay Epafras, ang aming kamanggagawa, isang tapat na lingkod ni Cristo at kinatawan ninyo.

8Sa kanya namin nalaman ang inyong pag-ibig na naaayon sa Espiritu.

9Kaya't mula nang marinig namin ito, patuloy naming idinadalangin sa Diyos na sana'y ipaunawa niya sa inyo nang lubusan ang kanyang kalooban, sa pamamagitan ng karunungan at pang-unawang kaloob ng Espiritu.

10Sa gayon, makakapamuhay na kayo nang karapat-dapat at kalugud-lugod sa Panginoon, sasagana sa lahat ng uri ng mabubuting gawa, at lalawak ang inyong pagkakilala sa Diyos.

11Idinadalangin din naming patatagin niya kayo sa tulong ng kanyang dakilang kapangyarihan, upang inyong matiis na masaya at may pagtitiyaga ang lahat ng bagay.

12Lagi kayong magpasalamat sa Ama sapagkat minarapat niyang makabahagi kayo sa mga pangako ng Diyos para sa mga hinirang na nasa liwanag.

13Iniligtas niya tayo sa kapangyarihan ng kadiliman at inilipat sa kaharian ng kanyang minamahal na Anak.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[14]Sa pamamagitan niya ay napalaya tayo, samakatuwid ay pinatawad ang ating mga kasalanan [sa pamamagitan ng kanyang dugo].

### Ang Likas at Gawain ni Cristo

[15]Si Cristo ang larawan ng Diyos na di-nakikita. Siya ang panganay na anak at pangunahin sa lahat ng mga nilikha.

[16]Sapagkat sa pamamagitan niya ay nilikha ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, nakikita man o hindi, pati ang mga espirituwal na kapangyarihan, paghahari, pamamahala, at pamumuno. Ang lahat ay nilikha ng Diyos sa pamamagitan niya at para sa kanya.

[17]Siya ang una sa lahat, at ang buong sansinukob ay nananatiling nasa kaayusan sa pamamagitan niya.

[18]Siya ang ulo ng iglesya na kanyang katawan. Siya ang pasimula, siya ang panganay na binuhay mula sa kamatayan, upang siya'y maging pangunahin sa lahat.

[19]Sapagkat minarapat ng Diyos na ang buo niyang kalikasan ay manatili sa Anak,

[20]at sa pamamagitan ng Anak, niloob ng Diyos na ang lahat ng bagay, maging sa langit o sa lupa ay ipagkasundo sa kanya. Nakamtan ang kapayapaan sa pamamagitan ng dugo ng kanyang Anak na inialay sa krus.

[21]Dati, kayo'y malayo sa Diyos at naging kaaway niya dahil sa inyong paggawa at pag-iisip ng masasama.

[22]Ngunit naging tao ang Anak ng Diyos at sa pamamagitan ng kanyang pagkamatay ay ipinagkasundo kayo sa Diyos. Nang sa gayon ay maiharap niya kayong banal, walang kapintasan at walang dungis.

[23]Subalit kailangan ninyong manatiling tapat at matatag sa inyong pananampalataya at huwag pabayaang mawala ang pag-asang dulot ng Magandang Balita na inyong narinig. Niloob ng Diyos na akong si Pablo ay maging lingkod para sa Magandang Balitang ito na ipinangaral sa lahat ng tao sa buong daigdig.

### Si Pablo'y Naglingkod sa Iglesya

[24]Nagagalak ako sa aking paghihirap alang-alang sa inyo, sapagkat sa pamamagitan nito'y naipagpapatuloy ko ang paghihirap na kailangan pang gawin ni Cristo para sa iglesya na kanyang katawan.

[25]Ako'y naging lingkod nito nang piliin ako ng Diyos upang ipahayag sa inyo ang kanyang salita,

[26]ang hiwaga na sa mahabang panahon ay inilihim sa maraming sali't saling lahi, ngunit ngayo'y inihayag na sa kanyang mga hinirang.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

27Niloob ng Diyos na ihayag sa kanila kung gaano kadakila ang kamangha-
manghang hiwagang ito para sa mga Hentil na walang iba kundi si Cristo na
nasa inyo. Siya ang ating pag-asa na tayo'y makakabahagi sa kaluwalhatian
ng Diyos.

28Iyan ang dahilan kung bakit ipinapangaral namin si Cristo. Ang lahat ay
aming binabalaan at tinuturuan nang may buong kaalaman upang maiharap
namin sa Diyos ang bawat isa nang ganap at walang kapintasan dahil sa
kanilang pakikipag-isa kay Cristo.

29Ito ang aking pinagsisikapang matupad sa pamamagitan ng kalakasang
kaloob sa akin ni Cristo.

## Mga Taga-Colosas 2

1Nais kong malaman ninyong gayon na lamang ang pagsisikap ko para sa
inyo, gayundin para sa mga taga-Laodicea at sa lahat ng hindi pa nakakakita
sa akin nang personal.

2Ginagawa ko ito upang palakasin ang kanilang loob at upang mabuklod sila
sa pag-ibig. Sa gayon, mararanasan nila ang ganap na pagpapala ng tunay
na pagkaunawa at kaalaman tungkol sa hiwaga ng Diyos, na walang iba
kundi si Cristo.

3Sa pamamagitan niya nahahayag ang lahat ng nakatagong kayamanan ng
karunungan at kaalaman ng Diyos.

4Sinasabi ko ito upang hindi kayo mailigaw ninuman sa pamamagitan ng
mga mapang-akit na pananalita.

5Kahit na wala ako riyan, kasama naman ninyo ako sa espiritu. At ako'y
nagagalak sa inyong maayos na pamumuhay at matibay na pananalig kay
Cristo.

### Ang Ganap na Pamumuhay kay Cristo

6Yamang tinanggap na ninyo si Cristo Jesus bilang Panginoon, mamuhay
kayo na may pakikipag-isa sa kanya.

7Magpakatatag kayo at isalig ninyo sa kanya ang inyong buhay.
Magpakatibay kayo sa pananampalatayang itinuro sa inyo, at lagi kayong
magpasalamat sa Diyos.

8Mag-ingat kayo upang hindi kayo mabihag ninuman sa pamamagitan ng
walang kabuluhang karunungan at pandaraya na ayon sa mga tradisyon ng
mga tao at mga alituntunin ng mundong ito, at ang mga ito ay hindi ayon kay
Cristo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Sapagkat ang buong kalikasan ng Diyos ay na kay Cristo sa kanyang pagiging tao.

10Kaya't nalubos ang inyong buhay sa pamamagitan ng inyong pakikipag-isa sa kanya, na siyang nakakasakop sa lahat ng kapangyarihan at pamamahala.

11Dahil sa pakikipag-isa kay Cristo, kayo'y tinuli hindi sa laman kundi sa pagwawaksi ng masamang hilig ng laman. Ito ang pagtutuling mula kay Cristo.

12Sa pamamagitan ng bautismo, nailibing kayong kasama ni Cristo at muli rin kayong nabuhay na kasama niya dahil sa inyong pananalig sa kapangyarihan ng Diyos na muling bumuhay sa kanya.

13Kayong dating patay dahil sa kasalanan, kayong mga Hentil na hindi saklaw ng pagtutuli ayon sa Kautusan ay binuhay ng Diyos na kasama ni Cristo. Pinatawad niya ang ating mga kasalanan at

14pinawalang-bisa ang lahat ng naisulat na alituntunin laban sa atin, pati ang mga pananagutang kaugnay nito. Pinawi niya ang lahat ng ito nang ipako siya sa krus.

15Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan sa krus, nilupig niya ang mga pinuno at kapangyarihan ng sanlibutan. Ang mga ito'y parang mga bihag na kanyang ipinarada sa madla bilang katunayan ng kanyang pagtatagumpay.

16Kaya't huwag na kayong magpapasakop pa sa anumang alituntunin tungkol sa pagkain o inumin, tungkol sa mga kapistahan, sa bagong buwan o sa Araw ng Pamamahinga.

17Ang mga ito'y anyo lamang ng mga bagay na darating, ngunit si Cristo ang katuparan ng lahat ng ito.

18Huwag kayong magpapatangay sa mga nagpapakita ng maling pagpapakumbaba at sumasamba sa mga anghel. Ipinagmamalaki nilang sila'y nakakahigit sa inyo dahil sa kanilang mga pangitain. Ngunit ang totoo, nagyayabang lamang sila dala ng kanilang isipang makalaman.

19Hindi sila nagpapasakop kay Cristo na siyang ulo at may kapangyarihan sa buong katawan. Nakaugnay sa kanya ang mga bahagi nito sa pamamagitan ng mga kasukasuan at mga litid. Siya ang nangangalaga at nagpapaunlad sa buong katawan ayon sa pag-unlad na ninanais ng Diyos.

### Ang Bagong Buhay kay Cristo

20Namatay na kayo na kasama ni Cristo at hindi na sakop ng mga alituntunin ng mundong ito. Bakit pa kayo sumusunod sa mga alituntuning tulad ng

21“Huwag hahawak nito,” “Huwag titikim niyan,” “Huwag gagalawin iyon”?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Ang mga ito'y utos at katuruan lamang ng tao, at nauukol sa mga bagay na nauubos kapag ginagamit.

23Sa kaanyuan, para ngang ayon sa karunungan ang ganoong uri ng pagsamba, pagpapakumbaba at pagpapahirap sa sariling katawan. Ngunit ang mga ito ay walang silbi sa pagpigil sa hilig ng laman.

## Mga Taga-Colosas 3

1Yamang binuhay kayong muli na kasama ni Cristo, ituon ninyo ang inyong pag-iisip sa mga bagay na nasa langit na kinaroroonan ni Cristo, na nakaupo sa kanan ng Diyos.

2Ang mga bagay na panlangit ang isaisip ninyo, hindi ang mga bagay na panlupa,

3sapagkat namatay na kayo at ang inyong buhay ay nakatago sa Diyos, kasama ni Cristo.

4Si Cristo ang inyong buhay, at kapag siya'y nahayag na, mahahayag din kayong kasama niya at makakahati sa kanyang kaluwalhatian.

### Ang Dati at Bagong Buhay

5Kaya't patayin na ninyo ang mga pagnanasang makamundo: ang pakikiapid, karumihan, mahalay na simbuyo ng damdamin, masamang pagnanasa, at ang kasakiman na isang uri ng pagsamba sa diyus-diyosan.

6Dahil sa mga ito, tatanggap ng parusa ng Diyos [ang mga taong ayaw pasakop sa kanya].

7Kayo man ay namuhay din ayon sa mga pagnanasang iyon nang kayo ay pinaghaharian pa ng mga ito.

8Ngunit ngayon, itakwil na ninyo ang lahat ng galit, poot, at sama ng loob. Iwasan na ninyo ang panlalait at malaswang pananalita.

9Huwag kayong magsisinungaling sa isa't isa, sapagkat hinubad na ninyo ang dati ninyong pagkatao, pati ang mga gawa nito.

10Isinuot ninyo ang bagong pagkatao na patuloy na nababago at nagiging kalarawan ng Diyos na lumikha sa inyo, upang lalo ninyo siyang makilala.

11Kaya't sa kalagayang ito, wala nang pagkakaiba ang Griego at ang Judio, ang tuli at ang di-tuli, ang dayuhan at ang hindi sibilisado, ang alipin at ang malaya. Ngunit si Cristo ang pinakamahalaga sa lahat, at siya'y nasa inyong lahat.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Kaya nga, dahil kayo'y hinirang ng Diyos, minamahal niya at pinili para sa kanya, dapat kayong maging mahabagin, mabait, mapagpakumbaba, mahinahon, at mapagtiis.

13Magpasensiya kayo sa isa't isa. Kung may hinanakit kayo kaninuman, magpatawad kayo gaya ng pagpapatawad sa inyo ng Panginoon.

14At higit sa lahat, taglayin ninyo ang pagmamahalan, na siyang nagbubuklod sa lahat sa ganap na pagkakaisa.

15Paghariin ninyo sa inyong puso ang kapayapaang kaloob ni Cristo, sapagkat iyan ang dahilan kung bakit kayo tinawag sa iisang katawan. Magpasalamat kayong lagi.

16Ang salita ni Cristo'y hayaan ninyong lubusang manatili sa inyong puso. Turuan ninyo at paalalahanan ang isa't isa nang may buong karunungan. Buong puso kayong umawit ng mga salmo, mga himno at mga awiting espirituwal, nang may pagpapasalamat sa Diyos.

17At anuman ang inyong gagawin o sasabihin, gawin ninyong lahat sa pangalan ng Panginoong Jesus at sa pamamagitan niya'y magpasalamat kayo sa Diyos Ama.

### Ang Pagsasamahang Nararapat

18Mga babae, pasakop kayo sa inyong asawa, sapagkat iyan ang naaangkop sa mga nakipag-isa sa Panginoon.

19Mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa, at huwag kayong maging malupit sa kanila.

20Mga anak, sundin ninyong lagi ang inyong mga magulang, sapagkat iyan ang nakalulugod sa Panginoon.

21Mga magulang, huwag ninyong pagagalitan nang labis ang inyong mga anak at baka masiraan sila ng loob.

22Mga alipin, sa lahat ng bagay ay sundin ninyo ang inyong mga amo dito sa lupa. May nakakakita man o wala, maglingkod kayo hindi upang kalugdan lamang ng mga tao, kundi dahil sa kayo'y tapat at may takot sa Panginoon.

23Anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyo nang buong puso na parang sa Panginoon kayo naglilingkod at hindi sa mga tao.

24Sapagkat si Cristo ang Panginoong pinaglilingkuran ninyo at alalahanin ninyong pagkakalooban kayo ng Panginoon ng gantimpalang inilaan niya para sa inyo.

25Ang mga gumagawa ng masama ay pagbabayarin sa kasamaang kanilang ginawa, sapagkat ang Diyos ay walang kinikilingan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

## Mga Taga-Colosas 4

1Mga amo, maging mabuti kayo at makatarungan sa mga naglilingkod sa inyo. Alalahanin ninyong kayo man ay may Panginoon sa langit.

### Mga Tagubilin

2Maging matiyaga kayo sa pananalangin, laging handa at nagpapasalamat sa Diyos.

3Idalangin ninyo sa Diyos na bigyan kami ng pagkakataon na maipangaral ang kanyang salita at maipahayag ang hiwaga ni Cristo, ang sanhi ng pagkabilanggo ko ngayon.

4Ipanalangin din ninyong maipahayag ko ito nang buong linaw, gaya ng nararapat.

5Maging matalino kayo sa pakikitungo sa mga hindi nananampalataya at samantalahin ninyo ang bawat pagkakataon.

6Sikapin ninyong laging maging kaaya-aya at kapaki-pakinabang ang inyong pananalita sa kanila, at matuto kayong sumagot nang tama sa lahat ng tao.

### Pangwakas na Pagbati

7Si Tiquico ang magbabalita sa inyo tungkol sa kalagayan ko rito. Siya ay minamahal naming kapatid, tapat na lingkod at kamanggagawa sa Panginoon.

8Pinapunta ko siya riyan para malaman ninyo ang aming kalagayan, nang sa gayon ay lumakas ang inyong loob.

9Kasama niya ang tapat at minamahal nating kapatid na si Onesimo, na kasamahan ninyo. Sila ang magbabalita sa inyo ng lahat ng nangyari dito.

10Kinukumusta kayo ni Aristarco, na bilanggo ring kasama ko, at ni Marcos na pinsan ni Bernabe. Tungkol naman kay Marcos, mayroon nang bilin sa inyo na malugod ninyo siyang tanggapin pagdating niya riyan.

11Kinukumusta rin kayo ni Jesus na kilala rin sa pangalang Justo. Silang tatlo lamang ang mga mananampalatayang Judio na kasama ko rito sa pangangaral tungkol sa kaharian ng Diyos, at sila'y malaking tulong sa akin.

12Kinukumusta rin kayo ng kasamahan ninyong si Epafras, na lingkod ni Cristo Jesus. Lagi niyang idinadalangin nang buong taimtim na kayo'y maging matatag, ganap, at lubos na panatag sa kalooban ng Diyos.

13Saksi ako sa pagsisikap niya para sa inyo at sa mga nasa Laodicea at Hierapolis.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Nangungumusta rin sa inyo si Demas at ang minamahal nating manggagamot na si Lucas.

15Ikumusta ninyo ako sa mga kapatid sa Laodicea, gayundin kay Nimfa at sa iglesyang nagtitipon sa kanyang bahay.

16Pagkabasa ninyo ng sulat na ito, ipabasa rin ninyo ito sa iglesya sa Laodicea. Basahin din ninyo ang sulat kong manggagaling doon.

17At pakisabi ninyo kay Arquipo na tapusin ang gawaing tinanggap niya sa Panginoon.

18Ako mismong si Pablo ang sumusulat ng pagbating ito. Huwag ninyong kalimutan na ako'y nakabilanggo. Sumainyo nawa ang kagandahang-loob ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 1 Mga Taga-Tesalonica

## 1 Mga Taga-Tesalonica 1

1Mula kina Pablo, Silas, at Timoteo— Para sa iglesya sa Tesalonica, na nasa Diyos Ama at nasa Panginoong Jesu-Cristo. Kagandahang-loob at kapayapaan nawa ang sumainyo.

### Ang Pamumuhay at Pananampalataya ng mga Taga-Tesalonica

2Lagi kaming nagpapasalamat sa Diyos dahil sa inyo at tuwina'y kasama kayo sa aming mga dalangin.

3Inaalala namin sa harapan ng ating Diyos at Ama ang inyong gawa dahil sa inyong pananampalataya, ang inyong pagpapagal dahil sa inyong pag-ibig, at ang inyong pagtitiis dahil sa inyong pag-asa sa ating Panginoong Jesu-Cristo.

4Mga kapatid, nalalaman namin na kayo'y pinili ng Diyos na nagmamahal sa inyo.

5Sapagkat ang Magandang Balitang lubos naming pinaniniwalaan ay ipinahayag namin sa inyo hindi lamang sa pamamagitan ng salita, kundi sa pamamagitan din ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Nakita ninyo kung paano kami namuhay sa inyong piling; ito ay ginawa namin alang-alang sa inyo.

6Sinundan ninyo ang aming halimbawa at ang halimbawa ng Panginoon. Kahit dumanas kayo ng napakaraming paghihirap, tinanggap ninyo ang salita ng Diyos nang may kagalakang mula sa Espiritu Santo.

7Kaya't naging huwaran kayo ng mga mananampalataya sa Macedonia at Acaya,

8sapagkat hindi lamang ang salita ng Panginoon ang lumaganap sa Macedonia at Acaya sa pamamagitan ninyo. Ang inyong pananampalataya sa Diyos ay nabalita rin sa lahat ng dako, kaya't hindi na kailangang magsalita pa kami tungkol dito.

9Ang mga tagaroon na rin ang nagbabalita kung paano ninyo kami tinanggap. Sila rin ang nagsasabi kung paano ninyo tinalikuran ang pagsamba sa mga diyus-diyosan upang maglingkod sa tunay at buháy na Diyos,

10at maghintay sa pagbabalik ng kanyang Anak mula sa langit. Ito'y si Jesus na muli niyang binuhay; na siya ring nagliligtas sa atin sa darating na poot ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 1 Mga Taga-Tesalonica 2

### Ang Paglilingkod ni Pablo sa Tesalonica

1Mga kapatid, kayo na rin ang nakakaalam na hindi nawalan ng kabuluhan ang pagpunta namin sa inyo.

2Alam ninyong hinamak kami't inalipusta sa Filipos, ngunit sa kabila ng maraming hadlang, binigyan kami ng Diyos ng lakas ng loob na ipahayag sa inyo ang Magandang Balita.

3Ang pangangaral namin ay hindi batay sa kamalian, o sa masamang layunin, o sa hangad na manlinlang.

4Sapagkat minarapat ng Diyos na ipagkatiwala sa amin ang Magandang Balita, nangangaral kami, hindi upang bigyang-kasiyahan ang tao, kundi ang Diyos na sumisiyasat ng ating puso.

5Alam ninyo na ang aming pangangaral ay hindi sa pamamagitan ng matatamis na pangungusap, o ng mga salitang nagkukubli ng kasakiman. Saksi namin ang Diyos.

6Hindi kami naghangad ng papuri ninyo o ninuman

7kahit bilang mga apostol ni Cristo ay may karapatan kaming humingi ng anuman mula sa inyo. Sa halip ay naging magiliw kami sa inyo, tulad ng inang mapagkalinga sa kanyang mga anak.

8Dahil sa laki ng aming pagmamahal sa inyo, hindi lamang kami handang ibahagi sa inyo ang Magandang Balita, kundi maging ang aming buhay.

9Mga kapatid, tiyak na natatandaan pa ninyo kung paano kami nagtrabaho at nagsikap araw-gabi para hindi kami makabigat kaninuman habang ipinapahayag namin sa inyo ang Magandang Balitang mula sa Diyos.

10Saksi ang Diyos at saksi rin namin kayo, kung paanong naging dalisay, matuwid, at walang kapintasan ang aming pakikitungo sa inyo na mga sumasampalataya.

11Tulad ng alam ninyo, kami'y naging parang ama sa bawat isa sa inyo.

12Pinayuhan namin kayo, pinalakas namin ang inyong loob, at inatasan na mamuhay nang kalugud-lugod sa paningin ng Diyos na tumawag sa inyo upang mapabilang sa kanyang kaharian at kaluwalhatian.

13Kaya nga, palagi kaming nagpapasalamat sa Diyos, sapagkat nang ipangaral namin sa inyo ang kanyang salita, hindi ninyo ito tinanggap bilang salita ng tao, kundi bilang tunay na salita ng Diyos, at ang bisa nito'y nakikita sa buhay ninyo na mga sumasampalataya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Mga kapatid, ang nangyari sa inyo ay tulad ng nangyari sa mga iglesya ng
Diyos sa Judea, sa mga nananalig kay Cristo Jesus. Inuusig kayo ng inyong
mga kababayan, tulad din ng mga taga-Judea na inusig ng kapwa nila Judio.

15Ang mga Judiong ito ang pumatay sa Panginoong Jesus at sa mga
propeta. Sila rin ang umuusig sa amin. Nagagalit sa kanila ang Diyos at
kaaway sila ng lahat ng tao!

16Ang aming pangangaral sa mga Hentil upang ang mga ito'y maligtas ay
kanilang hinahadlangan. Umabot na sa sukdulan ang kanilang kasamaan,
kaya't ngayon ay bumagsak na ang poot ng Diyos sa kanila.

**Ang Hangad ni Pablo na Dalawin Silang Muli**

17At ngayon, mga kapatid, nang kami'y sandaling napahiwalay sa inyo, hindi
sa alaala kundi sa paningin, labis kaming nangulila. Kaya't sabik na sabik na
kaming makita kayong muli

18at nais naming makabalik diyan. Ako mismong si Pablo ay makailang ulit
na nagbalak dumalaw sa inyo, ngunit lagi kaming hinahadlangan ni Satanas.

19Hindi ba't kayo ang aming pag-asa, kaligayahan, at ang koronang
maipagmamalaki namin sa harap ng Panginoong Jesus pagparito niya?

20Oo, kayo ang aming karangalan at kaligayahan.

## 1 Mga Taga-Tesalonica 3

1Kaya naman, nang hindi na kami makatiis, minabuti naming magpaiwan sa
Atenas

2at suguin sa inyo si Timoteo na ating kapatid at kamanggagawa para sa
Diyos sa pangangaral ng Magandang Balita tungkol kay Cristo. Isinugo
namin siya upang patatagin kayo at palakasin ang inyong loob alang-alang
sa inyong pananampalataya,

3upang hindi manghina ang sinuman sa inyo dahil sa mga pag-uusig. Alam
ninyong ang mga pag-uusig ay bahagi ng kalooban ng Diyos para sa atin.

4Ipinagpauna na namin sa inyo noong naririyan pa kami na tayo'y uusigin,
at gayon nga ang nangyayari tulad ng alam ninyo.

5Kaya nga, nang hindi na ako makatiis ay nagpadala ako riyan ng sugo
upang alamin ang kalagayan ngayon ng inyong pananampalataya sa
Panginoon. Nag-aalala ako na baka natukso na kayo ng diyablo, at kung
magkagayo'y mawawalan ng kabuluhan ang aming pagpapagal.

6Ngayon ay nakabalik na rito si Timoteo, at maganda ang balita niya tungkol
sa inyong pananampalataya at pag-ibig. Ibinalita rin niya na lagi ninyo

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

kaming naaalala at malaki ang pananabik na makita kami, gaya ng pananabik naming makita kayo.

7Mga kapatid, dahil sa inyong pananampalataya kay Cristo ay napasigla kami sa gitna ng aming pagkabalisa at mga hirap.

8Nabubuhayan kami ng loob kapag kayo'y nananatiling matatag sa pananampalataya.

9Paano kaya namin mapapasalamatan nang sapat ang Diyos dahil sa kagalakang natamo namin dahil sa inyo?

10Mataimtim naming idinadalangin araw-gabi na kayo'y muli naming makita at mapunuan ang anumang kakulangan sa inyong pananampalataya.

11Loobin nawa mismo ng ating Diyos Ama at ng ating Panginoong Jesus na makapunta kami diyan sa inyo.

12Nawa'y palaguin at pasaganain ng Panginoon ang inyong pag-ibig sa isa't isa at sa lahat ng tao, tulad ng pag-ibig namin sa inyo.

13Nang sa gayo'y palalakasin niya ang inyong loob upang kayo'y manatiling banal at walang kapintasan sa harap ng ating Diyos at Ama hanggang sa pagdating ng ating Panginoong Jesus, kasama ang lahat ng kanyang mga hinirang. [Amen.]

## 1 Mga Taga-Tesalonica 4

### Ang Buhay na Nakalulugod sa Diyos

1Kaya nga, mga kapatid, isa pang bagay ang ipinapakiusap namin at ipinapayo sa inyo sa pangalan ng Panginoong Jesus. Sana'y lalo pa ninyong pagbutihin ang inyong pamumuhay ngayon, sang-ayon sa inyong natutunan sa amin, upang kayo'y maging kalugud-lugod sa Diyos.

2Alam naman ninyo kung ano ang mga katuruang ibinigay namin sa inyo buhat sa Panginoong Jesus.

3Kalooban ng Diyos na kayo'y maging banal at lumayo sa lahat ng uri ng kahalayan.

4Dapat maging banal at marangal ang pakikitungo ng bawat isa sa kanyang asawa,

5at hindi upang masunod lamang ang pagnanasa ng laman tulad ng inaasal ng mga Hentil na hindi nakakakilala sa Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Sa bagay na ito, huwag ninyong gawan ng masama at dayain ang inyong kapatid, sapagkat paparusahan ng Panginoon ang gumagawa ng ganitong kasamaan, tulad ng mahigpit naming babala sa inyo noon.

7Tayo'y tinawag ng Diyos upang mamuhay sa kabanalan, hindi sa kahalayan.

8Kaya, ang sinumang humamak sa aral na ito ay humahamak, hindi sa tao, kundi sa Diyos na siyang nagkakaloob sa atin ng kanyang Espiritu Santo.

9Tungkol naman sa pag-ibig na dapat iukol sa mga kapatid, hindi na kailangang paalalahanan pa kayo dahil itinuro na sa inyo ng Diyos kung paano kayo magmahalan.

10At ito na nga ang ginagawa ninyo sa mga kapatid sa buong Macedonia. Gayunman, ipinapakiusap pa rin namin sa inyo, mga kapatid, na pag-ibayuhin pa ninyo ang inyong pag-ibig.

11Pagsikapan ninyong mamuhay nang tahimik, pag-ukulan ninyo ng pansin ang sariling gawain at hindi ang sa iba. Maghanapbuhay kayo tulad ng itinuro namin sa inyo.

12Dahil dito, igagalang kayo ng mga hindi mananampalataya at hindi na ninyo kailangang umasa sa iba.

**Ang Pagbalik ng Panginoon**

13Mga kapatid, nais naming malaman ninyo ang katotohanan tungkol sa mga namatay na upang hindi kayo magdalamhati tulad ng mga taong walang pag-asa.

14Dahil naniniwala tayong si Jesus ay namatay at muling nabuhay, naniniwala din tayong bubuhayin ng Diyos upang isama kay Jesus ang lahat ng mga namatay na sumasampalataya sa kanya.

15Ito ang itinuturo ng Panginoon na sinasabi namin sa inyo: tayong mga nabubuhay pa at natitira pa hanggang sa pagparito ng Panginoon, ay hindi mauuna sa mga namatay na.

16Sa araw na iyon ay maririnig ang tinig ng arkanghel at ang tunog ng trumpeta ng Diyos, at ang Panginoon mismo ay bababâ mula sa langit na sumisigaw. At ang mga namatay na sumasampalataya kay Cristo ay bubuhayin muna.

17Pagkatapos, tayo namang mga buháy pa at natitira ay titipunin sa alapaap kasama ng mga binuhay upang salubungin ang Panginoon sa himpapawid. Sa gayon, makakapiling natin siya magpakailanman.

18Kaya nga, palakasin ninyo ang loob ng bawat isa sa pamamagitan ng mga salitang ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 1 Mga Taga-Tesalonica 5

### Maging Handa sa Pagdating ng Panginoon

1Mga kapatid, hindi na kailangang isulat ko pa sa inyo kung kailan magaganap ang mga bagay na ito,

2sapagkat alam na ninyo na ang pagdating ng Araw ng Panginoon ay tulad ng pagdating ng magnanakaw sa gabi.

3Kapag sinasabi ng mga tao, “Tiwasay at panatag ang lahat,” biglang darating ang kapahamakan. Hindi sila makakaiwas sapagkat ang pagdating nito'y tulad ng pagsumpong ng sakit ng tiyan ng isang babaing manganganak.

4Ngunit wala na kayo sa kadiliman, mga kapatid, kaya't hindi kayo mabibigla sa Araw na iyon na darating na parang magnanakaw.

5Kayong lahat ay kabilang sa panig ng liwanag, sa panig ng araw, hindi sa panig ng gabi o ng dilim.

6Kaya nga, kailangang tayo'y manatiling gising, laging handa, at malinaw ang isip, at di tulad ng iba.

7Sa gabi ay karaniwang natutulog ang tao, at sa gabi rin karaniwang naglalasing.

8Ngunit dahil tayo'y sa panig ng araw, dapat maging matino ang ating pag-iisip. Isuot natin ang baluti ng pananampalataya at pag-ibig, at isuot ang helmet ng pag-asa sa pagliligtas na gagawin sa atin ng Diyos.

9Hindi tayo pinili ng Diyos upang bagsakan ng kanyang poot, kundi upang iligtas sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

10Namatay siya para sa atin upang tayo'y mabuhay na kasama niya, maging buháy man tayo o patay na sa kanyang muling pagparito.

11Dahil dito, palakasin ninyo ang loob ng isa't isa at magtulungan kayo tulad ng ginagawa ninyo ngayon.

### Pangwakas na Tagubilin at Pagbati

12Mga kapatid, ipinapakiusap namin na igalang ninyo ang mga nagpapakahirap sa pamamahala at pagtuturo sa inyo alang-alang sa Panginoon.

13Pag-ukulan ninyo sila ng lubos na paggalang at pag-ibig dahil sa kanilang gawain. Makitungo kayo sa isa't isa nang may kapayapaan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Mga kapatid, ipinapakiusap din namin na inyong pagsabihan ang mga tamad, pasiglahin ang mahihinang-loob, at kalingain ang mga mahihina. Maging matiyaga kayo sa kanilang lahat.

15Huwag ninyong paghigantihan ang gumawa sa inyo ng masama; sa halip, magpatuloy kayo sa paggawa ng mabuti sa isa't isa at sa lahat.

16Magalak kayong lagi,

17palagi kayong manalangin,

18at magpasalamat kayo sa Diyos sa lahat ng pagkakataon; sapagkat ito ang kalooban ng Diyos para sa inyo sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus.

19Huwag ninyong hadlangan ang Espiritu Santo.

20Huwag ninyong baliwalain ang anumang pahayag mula sa Diyos.

21Suriin ninyo ang lahat ng bagay at panghawakan ang mabuti.

22Lumayo kayo sa lahat ng uri ng kasamaan.

23Nawa'y lubusan kayong gawing banal ng Diyos na siyang nagbibigay ng kapayapaan. At nawa'y panatilihin niyang walang kapintasan ang buo ninyong katauhan, ang espiritu, kaluluwa at katawan, hanggang sa pagparito ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

24Tapat ang tumawag sa inyo, at gagawin niya ito.

25Mga kapatid, ipanalangin din ninyo kami.

26Batiin ninyo ang lahat ng mga mananampalataya bilang mga minamahal na kapatid kay Cristo.

27Inaatasan ko kayo sa pangalan ng Panginoon na basahin ang sulat na ito sa lahat ng mga kapatid.

28Sumainyo nawa ang kagandahang-loob ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

## 2 Mga Taga-Tesalonica 1

1Mula kina Pablo, Silas, at Timoteo— Para sa iglesya sa Tesalonica, na nasa Diyos na ating Ama at nasa Panginoong Jesu-Cristo.

2Sumainyo nawa ang kagandahang-loob at ang kapayapaang mula sa [ating] Diyos Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo.

**Ang Paghuhukom**

3Mga kapatid, tama lamang na kami'y laging magpasalamat sa Diyos dahil sa inyo, sapagkat patuloy na lumalago ang inyong pananampalataya kay Cristo at lalong nagiging maalab ang inyong pagmamahalan sa isa't isa.

4Kaya nga, ipinagmamalaki namin kayo sa lahat ng mga iglesya ng Diyos dahil sa inyong pagtitiis at pananampalataya, sa gitna ng mga pag-uusig at mga kahirapang dinaranas ninyo.

5Ang lahat ng ito'y nagpapatunay na makatarungan ang paghatol ng Diyos, upang gawin niya kayong karapat-dapat sa kanyang kaharian na siyang dahilan ng inyong pagtitiis.

6Gagawin ng Diyos ang nararapat; tiyak na pahihirapan niya ang mga nagpapahirap sa inyo.

7Kayo namang mga nagtitiis ay aaliwin niyang kasama namin kapag ang Panginoong Jesus ay inihayag na mula sa langit kasama ang kanyang mga makapangyarihang anghel,

8na may naglalagablab na apoy. Parurusahan ang lahat ng hindi kumikilala sa Diyos at hindi sumusunod sa Magandang Balita ng Panginoong Jesus.

9Magdurusa sila ng walang hanggang kapahamakan at mahihiwalay sila sa Panginoon at sa dakila niyang kapangyarihan.

10Mangyayari ito sa Araw ng kanyang pagparito upang tumanggap ng papuri mula sa kanyang mga hinirang at ng parangal ng lahat ng sumasampalataya sa kanya. Kabilang kayo roon sapagkat sinampalatayanan ninyo ang patotoong ipinahayag namin sa inyo.

11Dahil dito, lagi namin kayong idinadalangin sa Diyos, na nawa'y maging karapat-dapat kayo sa pagkatawag niya sa inyo. At sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan, nawa'y ipagkaloob niya sa inyo ang lahat ng mabuti ninyong hinahangad, at maging ganap ang inyong mga gawaing ibinunga ng pananampalataya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[12]Sa gayon, mapaparangalan ninyo ang pangalan ng ating Panginoong Jesus, at kayo naman ay pararangalan din niya, ayon sa kagandahang-loob ng Diyos at ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

## 2 Mga Taga-Tesalonica 2

### Ang Suwail

[1]Mga kapatid, tungkol naman sa pagbabalik ng ating Panginoong Jesu-Cristo at sa pagtitipon sa atin upang makapiling niya, nakikiusap kami sa inyo

[2]na huwag agad magugulo ang inyong isipan o mababahala kung mabalitaan ninyong dumating na ang Araw ng Panginoon. Huwag kayong maniniwala kahit sabihin pa nilang iyon ay pangangaral o pahayag, o isinulat namin.

[3]Huwag kayong magpapadaya kaninuman sa anumang paraan. Hindi darating ang Araw ng Panginoon hangga't di pa nagaganap ang huling paghihimagsik laban sa Diyos at ang paglitaw ng Suwail na itinakda sa kapahamakan.

[4]Itataas niya ang kanyang sarili at kakalabanin ang lahat ng kinikilalang diyos at sinasamba ng mga tao. Uupo siya sa Templo ng Diyos at magpapakilalang siya ang Diyos.

[5]Hindi ba ninyo natatandaan? Sinabi ko na ito sa inyo nang ako'y kasama pa ninyo.

[6]Hindi pa nga lamang nangyayari ito dahil may pumipigil pa, at alam ninyo kung ano iyon. Lilitaw ang Suwail pagdating ng takdang panahon.

[7]Ngayon pa man ay gumagawa na ang hiwaga ng kasamaan at mananatiling ganyan hangga't di naaalis ang humahadlang sa kanya. Kung maalis na ang humahadlang,

[8]malalantad na ang Suwail. Ngunit pagdating ng Panginoong [Jesus], papatayin niya ang Suwail. Bubugahan niya ito ng hininga mula sa kanyang bibig at pupuksain sa pamamagitan ng kanyang nakakasilaw na liwanag.

[9]Paglitaw ng Suwail, taglay niya ang kapangyarihan ni Satanas. Gagawa siya ng lahat ng uri ng mapanlinlang na mga himala at kababalaghan.

[10]Gagamit siya ng lahat ng uri ng pandaraya sa mga mapapahamak dahil ayaw nilang mahalin ang katotohanan na makakapagligtas sana sa kanila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Dahil dito, hahayaan ng Diyos na sila'y malinlang ng espiritu ng kamalian at maniwala sa kasinungalingan.

12Sa gayon, mapaparusahan ang lahat ng natuwa sa paggawa ng kasamaan sa halip na maniwala sa katotohanan.

**Hinirang Upang Maligtas**

13Mga kapatid na minamahal ng Panginoon, dapat kaming magpasalamat palagi sa Diyos dahil sa inyo. Kabilang kayo sa mga unang pinili niya upang pagkalooban ng kaligtasan sa pamamagitan ng Espiritu Santo at ng inyong pananalig sa katotohanan.

14Tinawag kayo ng Diyos sa pamamagitan ng Magandang Balita na ipinahayag namin sa inyo upang makasama kayo sa kaluwalhatian ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

15Kaya nga, mga kapatid, magpakatatag kayo at panghawakan ninyo ang mga katuruang ipinasa namin sa inyo, sa pamamagitan man ng aming sinabi o isinulat.

16Aliwin nawa kayo ng ating Panginoong Jesu-Cristo mismo at ng ating Diyos Ama na umibig sa atin, at dahil sa kanyang kagandahang-loob ay nagbigay sa atin ng walang hanggang kaaliwan at magandang pag-asa.

17Bigyan nawa kayo ng matatag na kalooban para sa lahat ng mabuting gawa at salita.

## 2 Mga Taga-Tesalonica 3

**Ipanalangin Ninyo Kami**

1Mga kapatid, bilang pagtatapos, ipanalangin ninyo kami upang ang salita ng Panginoon ay mabilis na lumaganap at parangalan ng lahat, tulad ng ginawa ninyo.

2Idalangin din ninyong maligtas kami sa mga taong mapaminsala at masasama, sapagkat hindi lahat ay may pananampalataya sa Diyos.

3Ngunit tapat ang Panginoon; siya ang magpapatatag at mag-iingat sa inyo laban sa Masama.

4Dahil sa Panginoon, malaki ang aming pagtitiwala na sinusunod ninyo at patuloy na susundin ang mga itinuro namin sa inyo.

5Patnubayan nawa kayo ng Panginoon upang lalo ninyong maunawaan ang pag-ibig ng Diyos at ang katatagang nagmumula kay Cristo.

**Babala Laban sa Katamaran**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6Mga kapatid, iniuutos namin sa inyo sa pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo na layuan ninyo ang sinumang kapatid na tamad at ayaw sumunod sa mga turo na ibinigay namin sa inyo.

7Alam naman ninyo na dapat ninyong tularan ang aming ginawa. Hindi kami naging tamad nang kami'y kasama pa ninyo.

8Hindi kami nakikain kaninuman nang walang bayad. Nagtrabaho kami araw-gabi upang hindi makabigat kaninuman sa inyo.

9Ginawa namin ito hindi dahil sa wala kaming karapatan sa inyong tulong, kundi upang kayo'y bigyan ng halimbawang dapat tularan.

10Nang kami ay kasama pa ninyo, ito ang itinuro namin sa inyo, “Ang ayaw magtrabaho ay hindi dapat kumain.”

11Binanggit namin ito dahil nabalitaan naming may ilan sa inyong ayaw magtrabaho, at walang inaatupag kundi ang makialam sa buhay ng may buhay.

12Sa pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo, mahigpit naming iniuutos sa mga taong ito na sila'y maghanapbuhay nang maayos at huwag umasa sa iba.

13Mga kapatid, huwag kayong magsasawa sa paggawa ng mabuti.

14Maaaring mayroon sa inyo diyan na hindi susunod sa sinasabi namin sa sulat na ito. Kung magkagayon, tandaan ninyo siya at huwag kayong makisama sa kanya, upang siya'y mapahiya.

15Ngunit huwag naman ninyo siyang ituring na kaaway; sa halip, pagsabihan ninyo siya bilang kapwa mananampalataya.

**Bendisyon**

16Ang Panginoon na pinagmumulan ng kapayapaan ang siya nawang magkaloob sa inyo ng kapayapaan sa lahat ng paraan at pagkakataon. Nawa'y sumainyong lahat ang Panginoon.

17Ako mismong si Pablo ang sumusulat ng pagbating ito. Ito ang aking lagda sa lahat ng sulat ko. Ganito ako sumulat.

18Sumainyo nawang lahat ang kagandahang-loob ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 1 Timoteo

## 1 Timoteo 1

1Mula kay Pablo na apostol ni Cristo Jesus ayon sa utos ng Diyos na ating Tagapagligtas at ni Cristo Jesus na ating pag-asa—

2Kay Timoteo na tunay kong anak sa pananampalataya. Sumaiyo nawa ang kagandahang-loob, habag at kapayapaang buhat sa Diyos Ama at kay Cristo Jesus na ating Panginoon.

**Babala tungkol sa Maling Katuruan**

3Gaya ng ipinakiusap ko sa iyo bago ako pumunta sa Macedonia, nais kong manatili ka sa Efeso upang utusan mo ang ilang tao diyan na huwag magturo ng maling aral,

4at huwag nilang pag-aksayahan ng panahon ang mga alamat at mahahabang talaan ng mga angkan. Iyan ay pinagmumulan lamang ng mga pagtatalo at hindi nakakatulong sa tao upang matupad ang plano ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya.

5Ang layunin ng tagubiling ito ay upang magkaroon kayo ng pag-ibig na nagmumula sa pusong dalisay, malinis na budhi at tapat na pananampalataya.

6May ilang tumalikod sa mga bagay na ito at nalulong sa walang kabuluhang talakayan.

7Nais nilang maging tagapagturo ng kautusan gayong hindi naman nila nauunawaan ang kanilang sinasabi at ang kanilang mga itinuturo nang may buong tiwala sa sarili.

8Alam naman nating ang Kautusan ay mabuti kung ginagamit sa tamang paraan.

9Alalahanin nating ang Kautusan ay hindi ginawa para sa mabubuting tao, kundi para sa mga walang kinikilalang batas at mga kriminal, para sa mga hindi kumikilala sa Diyos at sa mga makasalanan, para sa mga lapastangan sa Diyos at walang hilig sa kabanalan, para sa mga mamamatay-tao at pumapatay ng sariling ama o ina.

10Ibinigay rin ang Kautusan para sa mga mahihilig sa kahalayan at nakikipagtalik sa kapwa lalaki, para sa mga kidnaper, para sa mga sinungaling at sa mga bulaang saksi. Ang Kautusan ay ibinigay para sa lahat ng mga sumasalungat sa mabuting aral.

11Ang aral na ito'y ayon sa Magandang Balita na ipinagkatiwala sa akin ng maluwalhati at mapagpalang Diyos.

**Pagkilala sa Habag ng Diyos**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

[12]Nagpapasalamat ako sa ating Panginoong Jesu-Cristo na nagbibigay sa akin ng lakas, dahil itinuring niya akong karapat-dapat na maglingkod sa kanya,

[13]kahit na noong una'y nilapastangan, inusig at nilait ko siya. Sa kabila nito'y nahahabag sa akin ang Diyos sapagkat hindi ko nalalaman ang aking ginagawa noong ako'y hindi pa sumasampalataya.

[14]Pinasagana sa akin ang kagandahang-loob ng ating Panginoon at ipinagkaloob niya sa akin ang pananampalataya at pag-ibig na natatagpuan sa ating pakikipag-isa kay Cristo Jesus.

[15]Totoo ang pahayag na ito at dapat paniwalaan ng lahat: Si Cristo Jesus ay dumating sa sanlibutan upang iligtas ang mga makasalanan. At ako ang pinakamasama sa kanila.

[16]Ngunit akong pinakamasama ay kinahahabagan, upang ipakita ni Cristo Jesus sa pamamagitan ko, ang kanyang lubos na pagtitiyaga, at upang ito'y maging halimbawa sa mga sasampalataya at bibigyan ng buhay na walang hanggan.

[17]Purihin natin at luwalhatiin magpakailanman ang iisang Diyos, Haring walang hanggan, walang kamatayan at di-nakikita! Amen.

[18]Timoteo, anak ko, ang mga bagay na ito'y itinatagubilin ko sa iyo ayon sa mga pahayag na sinabi tungkol sa iyo upang sa pamamagitan ng mga ito ay makipaglaban kang mabuti,

[19]taglay ang matibay na pananampalataya at malinis na budhi. May mga taong hindi sumunod sa kanilang budhi, at dahil dito, ang pananampalataya nila ay natulad sa isang barkong nawasak.

[20]Kabilang sa mga iyon sina Himeneo at Alejandro, na ipinaubaya ko na sa kapangyarihan ni Satanas upang turuan silang huwag lumapastangan sa Diyos.

# 1 Timoteo 2

### Mga Tagubilin tungkol sa Panalangin

[1]Una sa lahat, ipinapakiusap kong idulog ninyo sa Diyos ang inyong mga kahilingan, panalangin, pagsamo, at pasasalamat para sa lahat ng tao.

[2]Idalangin rin ninyo ang mga hari at maykapangyarihan, upang tayo'y makapamuhay nang matahimik, mapayapa, maka-Diyos at marangal.

[3]Ito ang mabuti at nakalulugod sa Diyos na ating Tagapagligtas.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Ibig niyang ang lahat ng tao ay maligtas at makaalam ng katotohanang ito.

5Sapagkat iisa ang Diyos at iisa ang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus.

6Inihandog niya ang kanyang buhay upang tubusin ang lahat mula sa kasalanan. Ang katotohanang ito ay pinatunayan sa takdang panahon.

7Dahil dito, ako'y pinili upang maging mangangaral, apostol at tagapagturo ng pananampalataya at katotohanan para sa mga Hentil. Totoo ang sinasabi ko, at hindi ako nagsisinungaling!

8Sa lahat ng dako, nais kong ang mga lalaki ay manalangin nang may malinis na puso, walang sama ng loob at galit sa kapwa.

9Ang mga babae naman ay dapat maging mahinhin, maayos at kagalang-galang sa pananamit at ayos ng buhok. Hindi sila dapat maging magarbo sa pananamit at maluho sa mga mamahaling alahas na ginto o perlas.

10Sa halip, ang maging palamuti nila ay ang mabubuting gawa, gaya ng nararapat sa mga babaing itinuturing na maka-Diyos.

11Ang mga babae ay dapat matuto nang tahimik at nagpapasakop.

12Hindi ko pinapayagan ang mga babae na magturo o mamuno sa mga lalaki, kundi dapat silang manahimik.

13Sapagkat unang nilalang si Adan bago si Eva,

14at hindi si Adan ang nadaya kundi si Eva ang nadaya at nagkasala.

15Ngunit maliligtas ang babae sa pagsisilang ng sanggol, kung magpapatuloy siya sa pananampalataya, pag-ibig, kabanalan at maayos na pamumuhay.

## 1 Timoteo 3

### Ang mga Tagapangasiwa sa Iglesya

1Totoo ang pahayag na ito: Ang sinumang nagnanais na maging tagapangasiwa sa iglesya ay naghahangad ng mabuting gawain.

2Kaya nga, ang isang tagapangasiwa ay kailangang walang kapintasan; isa lamang ang asawa, matino ang pag-iisip, marunong magpigil sa sarili, kagalang-galang, bukás ang tahanan sa iba, at may kakayahang magturo.

3Dapat hindi siya lasenggo, hindi marahas kundi mahinahon; hindi mahilig makipag-away at hindi maibigin sa salapi.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Dapat mahusay siyang mamahala sa sariling pamilya, iginagalang at sinusunod ng kanyang mga anak.

5Sapagkat paano siyang makakapangasiwa nang maayos sa iglesya ng Diyos kung hindi niya mapamahalaan ang sarili niyang pamilya?

6Hindi siya dapat isang baguhang mananampalataya; baka siya'y maging palalo at mahatulan na gaya ng diyablo.

7Bukod dito, kailangang mabuti ang pagkakilala sa kanya ng mga hindi sumasampalataya upang hindi siya mapintasan at hindi mahulog sa bitag ng diyablo.

**Ang mga Tagapaglingkod sa Iglesya**

8Ang mga tagapaglingkod naman ay dapat ding maging kagalang-galang, tapat mangusap, hindi lasenggo at hindi sakim sa salapi.

9Kailangang sila'y tapat sa pananampalataya na ating ipinapahayag, at may malinis na budhi.

10Kailangang subukin muna sila, at kung mapatunayang sila'y karapat-dapat, saka sila gawing mga tagapaglingkod.

11Gayundin naman, ang kanilang mga asawa ay dapat maging kagalang-galang, hindi mapanirang-puri, mapagtimpi at tapat sa lahat ng mga bagay.

12Ang mga tagapaglingkod sa iglesya ay dapat isa lamang ang asawa at maayos mangasiwa sa kanilang mga anak at sambahayan.

13Ang mga tagapaglingkod na tapat sa tungkulin ay nagkakamit ng paggalang ng mga tao at nagkakaroon ng malaking tiwala dahil sa pananampalataya kay Cristo Jesus.

**Ang Hiwaga ng Ating Relihiyon**

14Umaasa akong magkikita tayo sa lalong madaling panahon, ngunit isinulat ko ang mga ito

15upang kung hindi man ako makarating agad ay malaman mo kung ano ang dapat na maging ugali ng mga tao sa sambahayan ng Diyos na buháy, sa iglesya na haligi at saligan ng katotohanan.

16Hindi maikakaila na napakadakila ng hiwaga ng ating relihiyon: Siya'y nahayag sa anyong tao, pinatunayang matuwid ng Espiritu, at nakita ng mga anghel. Ipinangaral sa mga bansa, pinaniwalaan sa sanlibutan, at itinaas sa kaluwalhatian.

# 1 Timoteo 4

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Mga Huwad na Guro

[1]Maliwanag ang sinasabi ng Espiritu na sa mga huling araw ay tatalikuran ng ilan ang pananampalataya. Susunod sila sa mga mapanlinlang na espiritu at sa mga katuruan ng mga demonyo.

[2]Ang mga katuruang ito'y pinalalaganap ng mga taong sinungaling at may mga manhid na budhi.

[3]Ipinagbabawal nila ang pag-aasawa at ang ilang uri ng pagkain, mga pagkaing nilikha ng Diyos upang kaining may pasasalamat ng mga mananampalataya at nakakaunawa ng katotohanan.

[4]Ang lahat ng nilikha ng Diyos ay mabuti at walang dapat ipalagay na masama; sa halip ay dapat tanggaping may pagpapasalamat

[5]sapagkat ang mga ito'y nalilinis ng salita ng Diyos at ng panalangin.

### Mabuting Lingkod ni Cristo Jesus

[6]Kung ituturo mo sa mga kapatid ang mga bagay na ito, ikaw ay magiging mabuting lingkod ni Cristo Jesus. At habang itinuturo mo ito, dinudulutan mo rin ang iyong sarili ng pagkaing espirituwal mula sa mga salita ng pananampalataya at sa tunay na aral na sinusunod mo.

[7]Huwag mong pag-aksayahan ng panahon ang mga alamat na walang halaga; sa halip, sanayin mo ang iyong sarili sa maka-Diyos na pamumuhay.

[8]Sa pagsasanay ng katawan ay mayroon ding pakinabang, ngunit ang maka-Diyos na pamumuhay ay mapapakinabangan sa lahat ng paraan, sapagkat ito'y may pangako hindi lamang para sa buhay na ito ngayon, kundi maging sa buhay na darating.

[9]Totoo ang salitang ito at dapat paniwalaan ng lahat.

[10]Dahil dito, nagsisikap tayo at nagpapagal, sapagkat umaasa tayo sa Diyos na buháy at Tagapagligtas ng lahat ng mga tao, lalo na ng mga sumasampalataya.

[11]Ituro mo't ipatupad ang lahat ng ito.

[12]Huwag mong hayaang hamakin ka ninuman dahil sa iyong kabataan. Sa halip, sikapin mong maging halimbawa sa mga mananampalataya, sa iyong pagsasalita, pag-uugali, pag-ibig, pananampalataya at malinis na pamumuhay.

[13]Habang wala pa ako riyan, iukol mo ang iyong panahon sa pagbabasa ng Kasulatan sa harap ng mga tao, sa pangangaral at sa pagtuturo.

[14]Huwag mong pabayaan ang kaloob na ibinigay sa iyo nang magsalita ang mga propeta at ipatong sa iyo ng mga matatandang pinuno ng iglesya ang kanilang kamay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Isagawa mo ang mga ito at pag-ukulan mo ng panahon upang makita ng lahat ang iyong paglago.

16Pakaingatan mo ang iyong sarili at ang iyong pagtuturo. Patuloy mong gawin ang mga ito sapagkat sa paggawa mo nito ay maliligtas ka, pati na ang mga nakikinig sa iyo.

## 1 Timoteo 5

### Mga Pananagutan sa Kapwa Mananampalataya

1Huwag mong pagagalitan ang nakatatandang lalaki, kundi pagsabihan mo siya nang mahinahon na parang sarili mong ama. Pakitunguhan mo namang parang kapatid ang mga nakababatang lalaki.

2Ituring mong parang sariling ina ang nakatatandang babae, at pakitunguhan mo nang may lubos na kalinisan ang mga kabataang babae na tulad sa iyong mga kapatid.

3Igalang mo ang mga biyudang wala nang ibang maaasahan sa buhay.

4Subalit kung ang isang biyuda ay may mga anak o apo, sila ang unang dapat kumalinga sa kanya bilang pagtanaw ng utang na loob, sapagkat ito ay nakalulugod sa Diyos.

5Ang biyuda na walang ibang maaasahan sa buhay ay sa Diyos na lamang umaasa, kaya't patuloy siyang nananalangin araw at gabi.

6Samantala, ang biyudang mahilig sa kalayawan ay maituturing nang patay, bagaman siya'y buháy.

7Ipatupad mo sa kanila ang utos na ito upang walang maisumbat sa kanila ang sinuman.

8Ang sinumang hindi kumakalinga sa kanyang mga kamag-anak, lalo na sa mga kabilang sa kanyang pamilya, ay tumalikod na sa pananampalataya, at mas masama pa kaysa sa isang di-mananampalataya.

9Ang biyudang dapat isama sa listahan ng tutulungan ay iyong di bababâ sa animnapung taong gulang, naging tapat sa kanyang asawa,

10kilala sa paggawa ng kabutihan, nagpalaki nang maayos sa kanyang mga anak, magiliw tumanggap sa nakikituloy sa kanyang tahanan, naglingkod nang may kababaang-loob sa mga hinirang ng Diyos, tumulong sa mga nangangailangan at inialay ang sarili sa paggawa ng mabuti.

11Huwag mong isasama sa listahan ang mga nakababatang biyuda, sapagkat kapag nag-alab ang kanilang pagnanasa, mapapalayo sila kay Cristo, at mag-aasawang muli.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Sa gayon, nagkakasala sila dahil sa hindi pagtupad sa una nilang pangako kay Cristo.

13Bukod dito, sila'y nagiging tamad at nag-aaksaya ng panahon sa pangangapitbahay; at sila'y nagiging tsismosa, mahihilig makialam sa buhay ng may buhay at nagsasalita ng mga bagay na hindi nila dapat sabihin.

14Kaya't para sa akin, mabuti pang sila'y mag-asawang muli, magkaanak at mag-asikaso ng tahanan, upang ang ating kaaway ay hindi magkaroon ng dahilan upang mapintasan tayo,

15sapagkat may ilan nang biyudang sumunod kay Satanas.

16Kailangang alagaan ng babaing mananampalataya ang mga kamag-anak nilang biyuda upang hindi sila maging pabigat sa iglesya. Sa gayon, ang aalagaan ng iglesya ay iyon lamang mga biyudang walang ibang maaasahan sa buhay.

17Ang mga matatandang pinuno ng iglesya na mahusay mamahala ay karapat-dapat tumanggap ng paggalang at kabayaran, lalo na ang mga masigasig sa pangangaral at pagtuturo ng salita ng Diyos.

18Sapagkat sinasabi ng kasulatan, "Huwag mong bubusalan ang bibig ng baka habang ito'y gumigiik." Nasusulat din, "Karapat-dapat lamang na bayaran ang manggagawa."

19Huwag mong tatanggapin ang anumang paratang laban sa isang matandang pinuno ng iglesya kung walang patotoo ng dalawa o tatlong saksi.

20Pagsabihan mo sa harap ng lahat ang sinumang ayaw tumigil sa paggawa ng masama para matakot ang iba.

21Sa harap ng Diyos at ni Cristo Jesus at ng kanyang banal na mga anghel, iniuutos kong sundin mo ang mga bagay na ito nang walang kinikilingan o itinatangi.

22Huwag mong ipapatong agad ang iyong kamay sa sinuman upang bigyan ito ng kapangyarihang mamahala. Ingatan mong huwag kang masangkot sa kasalanan ng iba; manatili kang walang dungis.

23Huwag tubig lamang ang iyong inumin; uminom ka rin ng kaunting alak para sa madalas na pagsakit ng iyong sikmura.

24May mga taong lantad na ang kasalanan bago pa dumating ang paghuhukom. At mayroon din namang ang kasalanan ay mahahayag sa bandang huli.

25Gayundin naman, may mabubuting gawa na kapansin-pansin; at kung hindi man mapansin, ang mga ito'y hindi maililihim habang panahon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 1 Timoteo 6

1Ang mga alipin ay dapat magpakita ng buong paggalang sa kanilang mga amo upang walang masabing masama laban sa pangalan ng Diyos at sa ating aral.

2At kung ang kanila namang amo ay kapwa nila mananampalataya, ang kanilang pagiging magkapatid ay hindi dapat maging dahilan ng hindi nila paggalang sa mga ito. Sa halip, dapat pa nga nilang pagbutihin ang kanilang paglilingkod sapagkat ang nakikinabang sa kanilang paglilingkod ay mga mananampalatayang minamahal nila. Ituro mo't ipatupad ang mga bagay na ito.

### Mga Huwad na Guro at ang Tunay na Kayamanan

3Kung nagtuturo ang sinuman ng ibang katuruan at di sang-ayon sa mga tunay na salita ng Panginoong Jesu-Cristo at sa mga aral tungkol sa pagiging maka-Diyos,

4siya ay nagyayabang ngunit walang nalalaman. Sakit na niya ang manuligsa at makipagtalo tungkol sa mga salita, bagay na humahantong sa inggitan, alitan, kutyaan, at masasamang hinala.

5Mahilig din siyang makipagtalo sa mga taong baluktot ang pag-iisip at di kumikilala sa katotohanan. Ang mga taong ito'y nag-aakala na ang relihiyon ay paraan ng pagpapayaman.

6Sa katunayan, may malaki ngang pakinabang sa relihiyon kung ang tao'y marunong masiyahan.

7Wala tayong dinalang anuman sa sanlibutan, at wala rin tayong madadalang anuman pag-alis dito.

8Kaya, dapat tayong masiyahan kung tayo'y may pagkain at pananamit.

9Ang mga nagnanasang yumaman ay nahuhulog sa tukso at nasisilo sa bitag ng masasama at mga hangal na hangarin na nagtutulak sa kanila sa kamatayan at kapahamakan.

10Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng kasamaan. Dahil sa paghahangad na yumaman, may mga taong nalalayo sa pananampalataya at nasasadlak sa maraming kapighatian.

### Mga Tagubilin para kay Timoteo

11Ngunit ikaw na lingkod ng Diyos, umiwas ka sa mga bagay na ito. Sikapin mong mamuhay nang matuwid, maka-Diyos, may pananampalataya, pag-ibig, pagtitiis at kaamuan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Ipaglaban mo nang mabuti ang pananampalataya. Panghawakan mo ang buhay na walang hanggan, dahil diyan ka tinawag ng Diyos nang ipahayag mo sa harap ng maraming saksi ang iyong pananalig kay Cristo.

13Iniuutos ko sa iyo, sa harapan ng Diyos na nagbibigay-buhay sa lahat, at sa harapan ni Cristo Jesus na nagbigay ng mabuting patotoo sa harap ni Poncio Pilato,

14sundin mong mabuti nang may katapatan ang mga iniutos sa iyo hanggang sa pagbabalik ng Panginoong Jesu-Cristo.

15Siya'y darating sa panahong itinakda ng mapagpala at makapangyarihang Diyos, Hari ng mga hari, at Panginoon ng mga panginoon.

16Siya lamang ang walang kamatayan, at nananatili sa liwanag na di matitigan. Walang taong nakakita, o makakakita sa kanya. Sa kanya ang karangalan at kapangyarihang walang hanggan. Amen.

17Ang mayayaman sa materyal na bagay ay utusan mong huwag magmataas at huwag umasa sa kayamanang lumilipas. Sa halip, umasa sila sa Diyos na masaganang nagbibigay ng lahat ng mga bagay para sa ating kasiyahan.

18Utusan mo silang gumawa ng mabuti at magpakayaman sa mabubuting gawa, maging bukas-palad at matulungin sa kapwa.

19Sa gayon, makakapag-impok sila para sa mabuting pundasyon sa hinaharap, at makakamtan nila ang tunay na buhay.

20Timoteo, pakaingatan mo ang ipinagkatiwala sa iyo. Iwasan mo ang mga usapang lumalapastangan sa Diyos at ang mga pagtatalo tungkol sa hindi totoong karunungan.

21Dahil sa kanilang pag-aangking mayroon sila nito, may mga nalihis na sa pananampalataya. Sumainyo ang kagandahang-loob ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 2 Timoteo

## 2 Timoteo 1

1Mula kay Pablo na apostol ni Cristo Jesus ayon sa kalooban ng Diyos upang ipangaral ang tungkol sa buhay na ipinangakong makakamtan natin sa pamamagitan ng pakikipag-isa kay Cristo Jesus—

2Kay Timoteo na minamahal kong anak. Sumaiyo nawa ang kagandahang-loob, kahabagan, at kapayapaang mula sa Diyos Ama at kay Cristo Jesus na ating Panginoon.

### Pasasalamat at Paalala

3Tuwing inaalala kita sa aking panalangin araw at gabi, nagpapasalamat ako sa Diyos na aking pinaglilingkuran nang may malinis na budhi gaya ng ginawa ng aking mga ninuno.

4Kapag naaalala ko ang iyong pagluha, nananabik akong makita ka upang malubos ang aking kagalakan.

5Hindi ko nalilimutan ang tapat mong pananampalataya, na naunang tinaglay ng iyong lolang si Loida at ni Eunice na iyong ina. Natitiyak kong nasa iyo rin ang pananampalatayang ito.

6Dahil dito, ipinapaalala ko sa iyo na pag-alabin mong muli ang kaloob na ibinigay sa iyo ng Diyos nang ipatong ko sa iyo ang aking mga kamay.

7Sapagkat ang espiritung ibinigay sa atin ng Diyos ay hindi espiritu ng kahinaan ng loob, kundi espiritu ng kapangyarihan, pag-ibig at pagpipigil sa sarili.

8Kaya't huwag kang mahihiyang magpatotoo para sa ating Panginoon, at huwag mo rin akong ikakahiya, na isang bilanggo alang-alang sa kanya. Sa halip, makihati ka sa pagtitiis para sa Magandang Balita. Umasa ka sa kapangyarihan ng Diyos

9na nagligtas at tumawag sa atin para sa isang banal na gawain. Ginawa niya ito, hindi dahil sa anumang nagawa natin, kundi ayon sa kanyang layunin at kagandahang-loob. Sa simula pa, ito ay ibinigay na niya sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus,

10ngunit ito'y nahayag na ngayon, nang dumating si Cristo Jesus na ating Tagapagligtas. Winakasan niya ang kapangyarihan ng kamatayan at inihayag ang buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng Magandang Balita.

11Para sa Magandang Balitang ito, ako'y itinalagang mangangaral, apostol at guro,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12at iyan ang dahilan kaya ako nagdurusa nang ganito. Ngunit hindi ako nahihiya, sapagkat kilala ko ang aking sinasampalatayanan at natitiyak kong maiingatan niya hanggang sa huling araw ang ipinagkatiwala ko sa kanya.

13Gawin mong batayan ang mabubuting aral na itinuro ko sa iyo, at manatili ka sa pananampalataya at sa pag-ibig na tinanggap natin sa pamamagitan ng ating pakikipag-isa kay Cristo Jesus.

14Sa tulong ng Espiritu Santo na nananatili sa atin, ingatan mo ang mabuting bagay na ipinagkatiwala sa iyo.

15Alam mong ako'y iniwan ng lahat ng mga nasa Asia, kabilang sina Figelo at Hermogenes.

16Kahabagan nawa ng Panginoon ang sambahayan ni Onesiforo sapagkat sa maraming pagkakataon ay pinasigla niya ako at hindi niya ako ikinahiya kahit ako'y isang bilanggo.

17Sa katunayan, pagdating niya sa Roma, pilit niya akong hinanap hanggang sa ako'y kanyang matagpuan.

18Kahabagan nawa siya ng Panginoon sa Araw na iyon. Alam mo naman kung paano niya ako pinaglingkuran sa Efeso.

## 2 Timoteo 2

### Ang Mabuting Kawal ni Cristo Jesus

1Kaya nga, anak ko, magpakatatag ka sa tulong ng kagandahang-loob ni Cristo Jesus.

2Ang mga narinig mo sa akin sa harap ng maraming saksi ay ipagkatiwala mo rin sa mga taong may katapatan at may kakayahang magturo naman sa iba.

3Makibahagi ka sa hirap tulad ng isang mabuting kawal ni Cristo Jesus.

4Ang isang kawal ay hindi nagiging abala sa mga bagay na walang kaugnayan sa pagiging kawal; sa halip, sinisikap niyang mabigyan ng kasiyahan ang kanyang pinuno.

5Hindi maaaring gantimpalaan ang isang manlalaro kung hindi siya naglalaro ayon sa mga alituntunin.

6Ang magsasakang nagtatrabahong mabuti ang siyang dapat unang makinabang sa bunga ng kanyang pinaghirapan.

7Isipin mong mabuti ang sinasabi ko sa iyo at ipapaunawa sa iyo ng Panginoon ang lahat ng ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8Alalahanin mo si Jesu-Cristo, ang muling binuhay at nagmula sa angkan ni David, ayon sa Magandang Balitang ipinapangaral ko.

9Ito ang dahilan ng aking pagdurusa at pagkagapos na parang isang kriminal. Subalit hindi kailanman maigagapos ang salita ng Diyos.

10Tinitiis ko ang lahat ng bagay alang-alang sa mga hinirang ng Diyos upang magkaroon sila ng kaligtasan at walang hanggang kaluwalhatian mula kay Cristo Jesus.

11Totoo ang kasabihang ito: "Kung tayo'y namatay na kasama ni Jesu-Cristo, mabubuhay din tayong kasama niya.

12Kung tayo'y nagtitiis ng hirap sa mundong ito, maghahari din tayong kapiling niya. Kapag itinakwil natin siya, itatakwil rin niya tayo.

13Kung tayo man ay hindi tapat, siya'y nananatiling tapat pa rin sapagkat hindi niya maaaring itakwil ang kanyang sarili."

**Tapat na Lingkod ni Cristo**

14Ipaalala mo sa kanila ang mga bagay na ito at pagbilinan mo sila, sa pangalan ng Diyos, na iwasan nila ang mga pagtatalo tungkol sa mga salita na walang kabuluhan at walang ibinubungang mabuti; sa halip, ito'y nagpapahamak lamang sa mga nakikinig.

15Sikapin mong maging kalugud-lugod sa paningin ng Diyos, isang manggagawang walang dapat ikahiya at tama ang paggamit sa salita ng katotohanan.

16Iwasan mo ang mga usapang walang paggalang sa Diyos, sapagkat ang mga iyan ang lalong naglalayo ng mga tao sa Diyos.

17Ang mga salita nila ay parang ganggrena na kumakalat sa katawan. Kabilang sa mga nagturo ng ganito ay sina Himeneo at Fileto.

18Lumihis sila sa katotohanan at ginugulo nila ang pananampalataya ng iba sa pamamagitan ng pagtuturo na ang muling pagkabuhay ay naganap na.

19Ngunit matibay ang pundasyong itinatag ng Diyos, at doo'y nakatatak: "Kilala ng Panginoon kung sinu-sino ang tunay na kanya," at, "Ang bawat nagsasabing siya'y sa Panginoon ay dapat lumayo sa kasamaan."

20Sa isang malaking bahay ay may iba't ibang uri ng kasangkapan; may yari sa ginto o pilak, at mayroon namang yari sa kahoy o putik. May ginagamit para sa mga tanging okasyon at mayroon namang pang-araw-araw.

21Ang sinumang lumalayo sa kasamaan ay katulad ng sisidlang natatangi, malinis at karapat-dapat gamitin ng may-ari para sa lahat ng mabubuting gawain.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

22Kaya nga, iwasan mo ang masasamang hilig ng kabataan, sa halip ay
pagsikapan mong maging matuwid, tapat, mapagmahal at mapayapa,
kasama ng mga taong may pusong malinis na tumatawag sa Panginoon.

23Iwasan mo ang mga hangal at walang kabuluhang pakikipagtalo sapagkat
alam mo namang nauuwi lamang iyan sa mga pag-aaway.

24Ang lingkod ng Panginoon ay hindi dapat makipag-away, sa halip ay dapat
siyang maging mabait sa lahat, mahusay magturo at matiyaga.

25Mahinahon niyang itinutuwid ang mga sumasalungat sa kanya, baka
sakaling sila'y bigyan ng Diyos ng pagkakataong magsisi't tumalikod sa
kanilang mga kasalanan at malaman nila ang katotohanan.

26Sa gayon, maliliwanagan ang kanilang isip at makakawala sila sa bitag ng
diyablo na bumihag sa kanila upang kanilang sundin ang kagustuhan niya.

## 2 Timoteo 3

### Ang mga Huling Araw

1Dapat mong malaman na sa mga huling araw ay darating ang mga panahon
ng kaguluhan.

2Sapagkat ang mga tao'y magiging maibigin sa sarili, maibigin sa salapi,
palalo, mapagmataas, mapagsamantala, suwail sa magulang, walang utang
na loob at lapastangan sa Diyos.

3Sila'y magiging walang pagmamahal sa kapwa, walang habag,
mapanirang-puri, walang pagpipigil sa sarili, marahas, at walang
pagpapahalaga sa mabuti.

4Sila'y magiging mga taksil, padalus-dalos, mayayabang, maibigin sa
kalayawan sa halip na maibigin sa Diyos.

5Sila'y may anyo ng pagiging maka-Diyos, ngunit hindi naman nakikita ang
kapangyarihan nito sa kanilang pamumuhay. Iwasan mo ang ganyang uri ng
mga tao.

6May ilan sa kanila na gagamit ng panlilinlang upang makapasok sa mga
bahay ng mga babaing madaling malinlang. Ang mga babaing ito'y inuusig
ng bigat ng kanilang mga pagkakasala at itinutulak sa sari-saring
pagnanasa.

7Lahat na'y gustong matutunan ng mga babaing ito ngunit kailanma'y hindi
nila nauunawaan ang katotohanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

8At tulad nina Janes at Jambres na sumalungat kay Moises, sila ay sumasalungat din sa katotohanan. Wala silang iniisip na kabutihan at hindi tunay ang kanilang pananampalataya.

9Ngunit hindi magpapatuloy ang kanilang kasamaan, sapagkat makikita ng lahat ang kanilang kahangalan, gaya ng nangyari kina Janes at Jambres.

**Mga Huling Tagubilin**

10Ngunit sinunod mo ang aking itinuro sa iyo, ang aking ugali at layunin sa buhay. Tinularan mo ang aking pananampalataya, pagtitiyaga, pag-ibig at katapatan.

11Nasaksihan mo ang mga pag-uusig at paghihirap na dinanas ko sa Antioquia, Iconio at Listra. Napagtiisan ko ang mga ito! At sa lahat ng ito ay iniligtas ako ng Panginoon.

12Gayundin naman, ang lahat ng nagnanais mamuhay nang matuwid bilang tagasunod ni Cristo Jesus ay daranas ng mga pag-uusig,

13samantalang ang masasama ay lalo namang magpapakasama, at ang manlilinlang ay patuloy na manlilinlang at sila man ay malilinlang din.

14Ngunit ikaw, magpatuloy ka sa mga aral na natutunan mo at matibay mong pinaniwalaan, sapagkat kilala mo ang mga nagturo nito sa iyo.

15Mula pa sa pagkabata alam mo na ang Banal na Kasulatan, na may kapangyarihang magbigay sa iyo ng karunungan tungo sa kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus.

16Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos, at kapaki-pakinabang sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagsaway sa kamalian, sa pagtutuwid sa likong gawain at sa pagsasanay para sa matuwid na pamumuhay,

17upang ang lingkod ng Diyos ay maging ganap at handa sa lahat ng mabubuting gawain.

## 2 Timoteo 4

1Sa harap ng Diyos at ni Cristo Jesus na hahatol sa mga buháy at sa mga patay, alang-alang sa kanyang pagdating bilang hari, inaatasan kita:

2ipangaral mo ang salita ng Diyos; pagsikapan mong gawin iyan napapanahon man o hindi. Himukin mo at pagsabihan ang mga tao, at palakasin ang kanilang loob sa pamamagitan ng matiyagang pagtuturo.

3Sapagkat darating ang panahong hindi na sila makikinig sa wastong katuruan; sa halip, susundin nila ang kanilang hilig. Maghahanap sila ng mga tagapagturo na walang ituturo kundi ang ibig lamang nilang marinig.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Hindi na sila makikinig sa katotohanan, sa halip ay ibabaling ang kanilang pansin sa mga kathang-isip.

5Ngunit ikaw, maging mahinahon ka sa lahat ng oras, magtiis ka sa panahon ng kahirapan. Gampanan mo ang tungkulin ng isang mangangaral ng Magandang Balita at tuparin mo nang lubos ang iyong paglilingkod.

6Sapagkat dumating na ang panahon ng pagpanaw ko sa buhay na ito. Ako'y mistulang isang handog na ibinubuhos sa dambana.

7Pinagbuti ko ang aking pakikipaglaban, natapos ko na ang dapat kong takbuhin, at nanatili akong tapat sa pananampalataya.

8Kaya naghihintay sa akin ang koronang gantimpala para sa mga namuhay ayon sa kalooban ng Diyos. Sa Araw na iyon, ang Panginoon na siyang makatarungang Hukom, ang siyang magpuputong sa akin ng korona; hindi lamang sa akin, kundi sa lahat ng nananabik sa kanyang pagbabalik.

**Mga Personal na Tagubilin**

9Sikapin mong makapunta dito sa lalong madaling panahon.

10Iniwan na ako ni Demas dahil sa kanyang pag-ibig sa daigdig na ito; pumunta siya sa Tesalonica. Si Cresente naman ay nagpunta sa Galacia, at si Tito sa Dalmacia.

11Si Lucas na lamang ang kasama ko rito. Hanapin mo si Marcos at isama mo rito, sapagkat malaki ang maitutulong niya sa aking mga gawain.

12Pinapunta ko sa Efeso si Tiquico.

13Pagpunta mo rito, dalhin mo ang aking balabal na naiwan ko sa Troas sa bahay ni Carpo. Dalhin mo rin ang mga aklat, lalo na iyong mga gawa sa balat ng hayop.

14Napakasama ng ginawa sa akin ng panday na si Alejandro. Pagbabayarin siya ng Panginoon sa kanyang mga ginawa.

15Mag-ingat ka sa kanya, sapagkat mahigpit niyang sinalungat ang ipinapangaral natin.

16Sa unang pagharap ko sa hukuman ay walang sumama sa akin; pinabayaan nila akong mag-isa. Patawarin nawa sila ng Diyos.

17Ngunit sinamahan ako ng Panginoon at binigyan ng lakas upang makapangaral nang lubusan sa lahat ng Hentil, at ako'y naligtas sa tiyak na kamatayan.

18Ang Panginoon ang magliligtas sa akin sa lahat ng kasamaan at siya rin ang maghahatid sa akin nang ligtas sa kanyang kaharian sa langit. Purihin nawa siya magpakailanman! Amen.

**Pangwakas na Pagbati**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

19Ikumusta mo ako kina Priscila at Aquila, at sa sambahayan ni Onesiforo.

20Nagpaiwan sa Corinto si Erasto; si Trofimo nama'y iniwan ko sa Mileto na may sakit.

21Pilitin mong makapunta dito bago magtaglamig. Kinukumusta ka nina Eubulo, Pudente, Lino, Claudia at lahat ng mga kapatid.

22Samahan nawa ng Panginoon ang iyong espiritu. Sumainyo nawang lahat ang kagandahang-loob ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Tito

## Tito 1

1Mula kay Pablo, lingkod ng Diyos at apostol ni Jesu-Cristo. Sinugo ako upang patibayin ang pananampalataya ng mga hinirang ng Diyos, at upang palawakin ang kanilang kaalaman sa katotohanan tungkol sa pamumuhay na maka-Diyos,

2at bigyan sila ng pag-asa sa buhay na walang hanggan. Bago pa likhain ang sanlibutan, ang buhay na ito'y ipinangako na ng Diyos na kailanma'y hindi nagsisinungaling.

3Ipinahayag niya ito sa kanyang salita sa takdang panahon, at ako ang napagkatiwalaang mangaral nito, ayon sa utos ng Diyos na ating Tagapagligtas.

4Kay Tito, na tunay kong anak sa iisa nating pananampalataya. Sumaiyo nawa ang pagpapala at kapayapaang mula sa Diyos Ama at mula sa ating Tagapagligtas na si Cristo Jesus.

**Mga Gawain ni Tito sa Creta**

5Iniwan kita sa Creta upang ayusin mo ang mga bagay na dapat pang ayusin at upang magtalaga ka ng matatandang pinuno ng iglesya sa bawat bayan, ayon sa iniutos ko sa iyo.

6Italaga mo ang mga taong walang kapintasan; isa lamang ang asawa, at ang mga anak ay mananampalataya, may pagpipigil sa sarili at hindi suwail.

7Bilang katiwala ng Diyos, kailangang walang kapintasan ang isang tagapangasiwa ng iglesya. Hindi siya dapat mayabang, hindi magagalitin, hindi lasenggo, hindi mapusok o sakim,

8bukás ang tahanan sa mga panauhin, maibigin sa kabutihan, mahinahon, matuwid, may kabanalan, at marunong magpigil sa sarili.

9Kailangang matatag siyang nananalig sa mga tunay na aral na natutunan niya, upang ito'y maituro naman niya sa iba at maipakita ang kamalian ng mga sumasalungat dito.

10Sapagkat maraming tao, lalung-lalo na ang mga galing sa Judaismo, ang suwail at nanlilinlang sa iba sa pamamagitan ng mga katuruang walang kabuluhan.

11Kailangang pigilan sila sa kanilang mga ginagawa sapagkat ginugulo nila ang mga pamilya at nagtuturo ng mga bagay na hindi dapat ituro, kumita lamang sila ng salapi.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Isa na ring taga-Creta na kinikilala nilang propeta ang nagsabi, “Ang mga taga-Creta ay palaging sinungaling, asal-hayop, batugan, at matakaw.”

13Tama ang kanyang sinabi, kaya't mahigpit mo silang pagsabihan upang maging wasto ang kanilang pananampalataya,

14at huwag nang maniwala pa sa mga alamat ng mga Judio, o sa katuruan ng mga taong tumalikod sa katotohanan.

15Malinis ang lahat ng bagay sa may malinis na isipan, ngunit sa masasama at di-sumasampalataya, walang bagay na malinis sapagkat marumi ang kanilang budhi at isipan.

16Ang sabi nila'y kilala nila ang Diyos, ngunit ito'y pinapasinungalingan ng kanilang mga gawa. Sila'y kasuklam-suklam, suwail at hindi nababagay sa gawang mabuti.

## Tito 2

### Ang Wastong Pamumuhay

1Kaya naman ituro mo ang mga bagay na angkop sa wastong aral.

2Sabihin mo sa mga nakatatandang lalaki na sila'y maging mapagpigil sa sarili, marangal, makatuwiran, at matatag sa pananampalataya, sa pag-ibig at pagtitiis.

3Sabihin mo sa mga nakatatandang babae na sila'y mamuhay nang may kabanalan, huwag maninirang-puri, at huwag malululong sa alak, kundi magturo ng mabuti,

4upang maakay nila ang mga kabataang babae na mahalin ang kanilang mga asawa at mga anak.

5Ang mga kabataang ito'y kailangan ding turuan na maging makatuwiran, malinis ang isipan, masipag sa gawaing bahay, mabait, at masunurin sa kanilang asawa upang walang masabi ang sinuman laban sa salita ng Diyos nang dahil sa kanila.

6Turuan mo rin ang mga kabataang lalaki na maging mapagpigil sa sarili.

7Sa lahat ng paraan, maging halimbawa ka ng mabuting ugali at maging tapat ka at kagalang-galang sa iyong pagtuturo.

8Nararapat na pananalita ang lagi mong gamitin upang hindi mapintasan ninuman ang mga sinasabi mo. Sa gayon, mapapahiya ang ating mga kalaban sapagkat wala silang masasabing masama laban sa atin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

9Turuan mo ang mga alipin na maging masunurin at kalugud-lugod sa kanilang mga amo. Hindi nila dapat sagut-sagutin ang mga ito,

10ni kupitan man. Dapat silang maging tapat sa lahat ng pagkakataon, upang maipakita nila sa lahat nilang ginagawa ang kagandahan ng katuruan ng Diyos na ating Tagapagligtas.

11Sapagkat nahayag na ang kagandahang-loob ng Diyos na nagdudulot ng kaligtasan sa lahat ng tao.

12Ito ang nagtuturo sa atin na talikuran ang makamundong pamumuhay at damdaming makalaman, at mamuhay tayo sa daigdig na ito nang may pagpipigil sa sarili, matuwid at karapat-dapat sa Diyos

13habang hinihintay natin ang pinagpalang araw na ating inaasahan. Ito ang araw na mahahayag ang kaluwalhatian ng ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo,

14na naghandog ng kanyang sarili upang palayain tayo sa lahat ng kasamaan at linisin tayo upang maging kanyang sariling bayan na masigasig sa paggawa ng mabuti.

15Ipahayag mo ang lahat ng ito, at gamitin mo ang iyong buong kapangyarihan sa pagpapalakas ng loob at pagsaway sa iyong mga tagapakinig. Huwag mong hayaang hamakin ka ninuman.

## Tito 3

### Ang Dapat na Maging Ugali ng mga Cristiano

1Paalalahanan mo ang mga kapatid na magpasakop sa mga pinuno at maykapangyarihan; sundin ang mga ito at laging maging handa sa paggawa ng mabuti.

2Sabihan mo silang huwag magsalita ng masama laban kaninuman, umiwas sa pakikipag-away, at maging mahinahon at magalang sa lahat ng tao.

3Noong una, tayo rin mismo ay mga hangal, hindi masunurin, naliligaw at naging alipin ng mga makamundong damdamin at lahat ng uri ng kalayawan. Naghari sa atin ang masamang isipan at pagkainggit. Tayo'y kinapootan ng iba at sila'y kinapootan din natin.

4Ngunit nang mahayag ang kabutihan at pag-ibig ng Diyos na ating Tagapagligtas,

5iniligtas niya tayo, hindi dahil sa ating mabubuting gawa kundi dahil sa kanyang habag sa atin. Tayo'y iniligtas niya sa pamamagitan ng Espiritu

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Santo na naghugas sa atin upang tayo'y ipanganak na muli at magkaroon ng bagong buhay.

6Masaganang ipinagkaloob ng Diyos sa atin ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng ating Tagapagligtas na si Jesu-Cristo,

7upang tayo'y gawing matuwid sa pamamagitan ng kanyang kagandahang-loob, at tayo'y maging tagapagmana ng inaasahan nating buhay na walang hanggan.

8Mapagkakatiwalaan ang aral na ito. Kaya't ang nais ko'y buong tiyaga mong ituro ito sa mga nananalig sa Diyos upang ilaan nila ang kanilang sarili sa paggawa ng mabuti, na siyang karapat-dapat at kapaki-pakinabang sa mga tao.

9Iwasan mo ang mga walang kabuluhang pagtatalo, ang di matapus-tapos na talaan ng mga ninuno, at ang mga away at alitan tungkol sa Kautusan. Ang mga ito ay walang pakinabang at walang halaga.

10Pagkatapos mong sawaying minsan o makalawa, iwasan mo na ang taong lumilikha ng pagkakabaha-bahagi,

11dahil alam mong ang ganyang tao ay masama at ang kanyang sariling mga kasalanan ang nagpapakilalang siya'y mali.

**Pangwakas na Paalala**

12Papupuntahin ko riyan si Artemas o si Tiquico. Pagdating nila diyan, pilitin mong makapunta sa Nicopolis. Doon ako magpapalipas ng taglamig.

13Sikapin mong mapadali ang paglalakbay ni Apolos at ng abogadong si Zenas. Tiyakin mong hindi sila magkukulang sa anumang pangangailangan.

14Turuan mo ang ating mga kapatid sa pananampalataya na ilaan ang kanilang sarili sa paggawa ng mabuti upang makatulong sila sa mga nangangailangan, at maging kapaki-pakinabang.

15Kinukumusta ka ng mga kasama ko rito. Ikumusta mo rin kami sa lahat ng kapatid sa pananampalataya na nagmamahal sa atin. Nawa'y sumainyong lahat ang kagandahang-loob ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Filemon

## Filemon 1

1Mula kay Pablo, isang bilanggo dahil kay Cristo Jesus, at mula kay Timoteo na ating kapatid— Para kay Filemon, ang minamahal naming kamanggagawa,

2at para sa iglesyang nagtitipon sa iyong bahay; kay Apia na aming kapatid na babae at kay Arquipo na kapwa naming kawal sa Panginoon.

3Sumainyo nawa ang kagandahang-loob at kapayapaang mula sa Diyos na ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo.

**Ang Pag-ibig at Pananampalataya ni Filemon**

4Lagi akong nagpapasalamat sa aking Diyos tuwing isinasama kita sa aking pananalangin

5sapagkat nababalitaan ko ang pag-ibig na ipinapakita mo sa lahat ng hinirang ng Diyos, at gayundin ang iyong pananampalataya sa Panginoong Jesus.

6Idinadalangin kong ang pagkakabuklod natin sa isang pananampalataya ay magbunga ng mas malalim na pagkaunawa sa mga kabutihang dulot ng ating pakikipag-isa kay Cristo.

7Kapatid, ang pagmamahal mo ay nagdulot sa akin ng malaking katuwaan at kaaliwan sapagkat dahil sa iyo ay sumigla ang kalooban ng mga hinirang ng Diyos.

**Kahilingan para kay Onesimo**

8Kaya nga, bagaman bilang kapatid mo kay Cristo ay malakas ang loob kong iutos sana sa iyo ang nararapat gawin,

9mas minabuti kong makiusap sa iyo sa ngalan ng pag-ibig. Akong si Pablo, na sugo ni Cristo Jesus at ngayo'y nakabilanggo dahil sa kanya,

10ay nakikiusap sa iyo para kay Onesimo na aking anak sa pananampalataya. Ako'y naging isang ama sa kanya habang ako'y nakabilanggo.

11Dati, hindi mo mapakinabangan si Onesimo, ngunit ngayo'y kapaki-pakinabang siya sa ating dalawa.

12Pinababalik ko na siya sa iyo, kasama ang aking puso.

13Nais ko sanang manatili siya sa aking piling upang siya ang maglingkod sa akin habang ako'y nakabilanggo dahil sa Magandang Balita, at sa gayon ay para na ring ikaw ang kasama ko rito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Ngunit ayokong gawin iyon nang wala kang pahintulot upang maging kusa ang iyong pagtulong sa akin, at hindi sapilitan.

15Marahil, nalayo sa iyo si Onesimo nang kaunting panahon upang sa pagbabalik niya'y makasama mo siya habang panahon,

16hindi lamang bilang isang alipin kundi bilang isang minamahal na kapatid. Napamahal na siya sa akin, at lalo siyang mapapamahal sa iyo, ngayong hindi mo lamang siya alipin, kundi isa nang kapatid sa Panginoon!

17Kaya't kung kinikilala mo akong tunay na kasama, tanggapin mo siya tulad ng pagtanggap mo sa akin.

18Kung siya ma'y nagkasala o nagkautang sa iyo, sa akin mo na ito singilin.

19Akong si Pablo ang siyang sumusulat nito: AKO ANG MAGBABAYAD SA IYO. Hindi ko na dapat banggitin pa na utang mo sa akin ang iyong sarili.

20Ipinapakiusap ko lamang sa iyo, alang-alang sa Panginoon, ipagkaloob mo na sa akin ito. Pasayahin mo ako bilang kapatid kay Cristo.

21Lubos akong naniniwala na gagawin mo ang hinihiling ko sa sulat na ito, at maaaring higit pa rito.

22Ipaghanda mo rin ako ng matutuluyan sapagkat umaasa akong loloobin ng Diyos na ako'y makabalik diyan, gaya ng inyong idinadalangin.

**Pangwakas na Pagbati**

23Kinukumusta ka ni Epafras na kasama kong nakabilanggo dahil kay Cristo Jesus.

24Kinukumusta ka rin nina Marcos, Aristarco, Demas, at Lucas, na mga kasama ko sa gawain.

25Nawa'y sumainyo ang kagandahang-loob ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Hebreo

## Mga Hebreo 1

### Nagsalita ang Diyos sa Pamamagitan ng Kanyang Anak

1Noong una, nagsalita ang Diyos sa ating mga ninuno sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta.

2Ngunit sa mga huling araw na ito, siya'y nagsalita sa atin sa pamamagitan ng kanyang Anak. Sa pamamagitan ng Anak ay nilikha ng Diyos ang sanlibutan, at siya ang piniling tagapagmana ng lahat ng bagay.

3Nakikita sa Anak ang kaluwalhatian ng Diyos. Kung ano ang Diyos ay gayundin ang Anak. Siya ang nag-iingat sa sansinukob sa pamamagitan ng kanyang makapangyarihang salita. Pagkatapos niyang linisin tayo sa ating mga kasalanan, siya'y umupo sa kanan ng Makapangyarihan doon sa langit.

### Mas Dakila ang Anak kaysa sa mga Anghel

4Ang Anak ay ginawang higit na dakila kaysa mga anghel, tulad ng pangalan na ibinigay sa kanya ng Diyos ay higit na dakila.

5Sapagkat kailanma'y hindi sinabi ng Diyos sa sinumang anghel, “Ikaw ang aking Anak, mula ngayo'y ako na ang iyong Ama.” Ni hindi rin niya sinabi sa kaninumang anghel, “Ako'y magiging kanyang Ama, at siya'y magiging aking Anak.”

6At nang isusugo na ng Diyos ang kanyang panganay na Anak sa sanlibutan ay sinabi niya, “Dapat siyang sambahin ng lahat ng mga anghel ng Diyos.”

7Tungkol naman sa mga anghel ay sinabi niya, “Ginawa niyang hangin ang kanyang mga anghel, at ningas ng apoy ang kanyang mga lingkod.”

8Ngunit tungkol sa Anak ay sinabi niya, “Ang iyong trono, O Diyos, ay magpakailan pa man, ikaw ay maghaharing may katarungan.

9Katarunga'y iyong mahal, sa masama'y namumuhi; kaya naman ang iyong Diyos, tanging ikaw ang pinili; higit sa sinumang hari, kagalakang natatangi.”

10Sinabi pa rin niya, “Panginoon, nang pasimula'y nilikha mo ang sanlibutan, at ang mga kamay mo ang siyang gumawa ng kalangitan.

11Maliban sa iyo, lahat ay lilipas, at tulad ng damit, lahat ay kukupas,

12at ililigpit mong gaya ng isang balabal, at tulad ng damit, sila'y papalitan. Ngunit mananatili ka at hindi magbabago, walang katapusan ang mga taon mo.”

13Kailanma'y hindi sinabi ng Diyos sa sinumang anghel, “Maupo ka sa kanan ko, hanggang lubusan kong mapasuko sa iyo ang mga kaaway mo.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Ano ang mga anghel, kung ganoon? Sila'y mga espiritung naglilingkod sa Diyos at mga isinugo upang tumulong sa mga magkakamit ng kaligtasan.

## Mga Hebreo 2

### Ang Dakilang Kaligtasan

1Kaya nga, dapat lalo nating panghawakang mabuti ang mga narinig natin upang hindi tayo maligaw.

2Ang mensaheng ipinahayag sa pamamagitan ng mga anghel ay napatunayang totoo, at sinumang lumabag o hindi sumunod dito ay tumanggap ng kaukulang parusa.

3Gayundin naman, paano tayo makakaiwas sa parusa kung hindi natin pahahalagahan ang napakadakilang kaligtasang ito? Ang Panginoon ang unang nagpahayag ng kaligtasang ito, at ang mga nakarinig sa kanya ang nagpatunay sa atin na ito'y totoo.

4Pinatunayan din ito ng Diyos sa pamamagitan ng mga kahanga-hangang tanda at ng iba't ibang himala, at sa pamamagitan ng mga kaloob ng Espiritu Santo na ipinamahagi niya ayon sa kanyang sariling kalooban.

### Ang Nagsagawa ng Pagliligtas sa Atin

5Hindi sa mga anghel ipinamahala ng Diyos ang daigdig na kanyang lilikhain—ang daigdig na aming tinutukoy.

6Sa halip ay ganito ang sinasabi ayon sa isang bahagi ng Kasulatan: “Ano ba ang tao upang iyong pahalagahan, o ang anak ng tao upang iyong pangalagaan?

7Sandaling panahong siya'y ginawa mong mas mababa kaysa mga anghel, pinuspos mo siya ng dangal at ng luwalhati, [ginawa mo siyang tagapamahala ng lahat ng iyong nilikha]

8at ipinasakop mo sa kanyang kapangyarihan ang lahat ng bagay.” Nang ipinasakop ng Diyos ang lahat ng bagay sa kapangyarihan ng tao, walang bagay na di ipinailalim sa kanya. Sa kasalukuyan, hindi pa natin nakikitang napapailalim sa kanyang kapangyarihan ang lahat ng bagay.

9Subalit alam nating si Jesus, kahit na sa kaunting panaho'y ginawang mas mababa kaysa mga anghel, ay binigyan ng karangalan at kaluwalhatian dahil sa pagdurusa niya sa kamatayan. Dahil sa kagandahang-loob ng Diyos sa atin, niloob niyang si Jesus ay makaranas ng kamatayan para sa lahat.

10Sa pamamagitan ng kanyang pagdurusa, siya'y ginawang ganap ng Diyos at nang sa gayon ay makapagdala siya ng maraming anak patungo sa kaluwalhatian. Ito'y dapat lamang gawin ng Diyos na lumikha at

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

nangangalaga sa lahat ng bagay, sapagkat si Jesus ang tagapanguna ng kanilang kaligtasan.

11Si Jesus ang nagpapabanal sa mga tao. Ang kanyang Ama at ang Ama ng mga taong ito ay iisa, kaya't hindi niya ikinahihiyang tawagin silang mga kapatid.

12Sinabi niya sa Diyos, “Ipapahayag ko sa aking mga kapatid ang iyong pangalan, sa gitna ng kapulungan ika'y papupurihan.”

13Sinabi rin niya, “Ako'y mananalig sa Diyos.” At dugtong pa niya, “Narito ako, at ang mga anak na kaloob sa akin ng Diyos.”

14Dahil sa ang mga anak na tinutukoy niya ay tao, naging tao rin si Jesus at tulad nila'y may laman at dugo. Ginawa niya ito upang sa pamamagitan ng kanyang kamatayan ay mawasak niya ang diyablo na siyang may kapangyarihan sa kamatayan.

15Sa pamamagitan din ng kanyang kamatayan ay pinalaya niya ang lahat ng tao na buong buhay nila'y inalipin ng takot sa kamatayan.

16Hindi ang mga anghel ang kanyang tinutulungan, sa halip ay ang mga anak ni Abraham.

17Kaya't kinailangang matulad siya sa kanyang mga kapatid sa lahat ng paraan. Upang siya'y maging isang Pinakapunong Pari na mahabagin at tapat na naglilingkod sa Diyos at nag-aalay ng handog para mapatawad ang mga kasalanan ng tao.

18At ngayo'y matutulungan niya ang mga tinutukso, sapagkat siya man ay tinukso at nagdusa.

## Mga Hebreo 3

### Higit si Jesus kay Moises

1Mga hinirang na kapatid at kasama sa pagkatawag ng Diyos, alalahanin ninyo si Jesus, ang Sugo ng Diyos at ang Pinakapunong Pari ng ating pananampalataya.

2Tapat siya sa Diyos na pumili sa kanya, tulad ni Moises na naging tapat sa [buong] sambahayan ng Diyos.

3Kung ang nagtayo ng bahay ay mas marangal kaysa sa bahay, gayundin naman, lalong marangal si Jesus kaysa kay Moises.

4Bawat bahay ay may tagapagtayo, ngunit ang Diyos lamang ang nagtayo ng lahat ng bagay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Si Moises ay naging tapat bilang isang lingkod sa buong sambahayan ng Diyos, upang magpatotoo sa mga bagay na ihahayag sa mga darating na panahon.

6Subalit si Cristo ay tapat bilang Anak na namumuno sa sambahayan ng Diyos. At tayo ang kanyang sambahayan, kung matibay ang ating pag-asa at hindi natin ito ikinahihiya.

**Kapahingahan para sa Sambahayan ng Diyos**

7Kaya't tulad ng sinabi ng Espiritu Santo, “Kapag ngayon ang tinig ng Diyos ay narinig ninyo,

8huwag patigasin ang inyong mga puso, tulad noong maghimagsik ang inyong mga ninuno, doon sa ilang nang subukin nila ako.

9Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong mga magulang, bagama't nakita nila ang mga ginawa ko sa loob ng apatnapung taon.

10Kaya't napoot ako sa kanila at sinabi ko, ‘Lagi silang lumalayo sa akin, ang mga utos ko'y ayaw nilang sundin.’

11At sa galit ko, ‘Ako ay sumumpang hindi nila kakamtin ang kapahingahan sa aking ipinangakong lupain.’”

12Mga kapatid, ingatan ninyong huwag magkaroon ang sinuman sa inyo ng pusong masama at walang pananampalataya, na siyang maglalayo sa inyo sa Diyos na buháy.

13Sa halip, magpaalalahanan kayo araw-araw, habang ang panahon ay matatawag pang “Ngayon” upang walang sinumang madaya sa inyo ng kasalanan at sa gayo'y maging matigas ang puso.

14Sapagkat tayong lahat ay kasama ni Cristo sa gawain, kung mananatiling matatag hanggang sa wakas ang ating pananalig na ating ipinakita noong tayo'y unang sumampalataya.

15Ito nga ang sinasabi sa kasulatan, “Kapag narinig ninyo ngayon ang tinig ng Diyos, huwag ninyong patigasin ang inyong mga puso, tulad noong kayo'y maghimagsik sa Diyos.”

16Sino ang naghimagsik laban sa Diyos kahit na narinig nila ang kanyang tinig? Hindi ba't ang lahat ng inilabas ni Moises mula sa Egipto?

17At kanino nagalit ang Diyos sa loob ng apatnapung taon? Hindi ba't sa mga nagkasala at patay na nabuwal sa ilang?

18At sino ang tinutukoy niya nang kanyang sabihin, “Hinding-hindi sila makakapagpahinga sa piling ko”? Hindi ba't ang mga taong ayaw sumunod?

19Maliwanag kung ganoon na hindi sila nakapasok sa lupang pangako dahil sa kawalan ng pananampalataya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Mga Hebreo 4

1Kaya nga habang nananatili ang pangako ng Diyos, na tayo'y makakapasok sa kapahingahang sinabi niya, mag-ingat kayo at baka mayroon sa inyong hindi makatanggap ng pangakong ito.

2Sapagkat tulad nila'y napakinggan din natin ang Magandang Balita, ngunit hindi nila pinakinabangan ang balitang kanilang narinig dahil hindi nila ito tinanggap nang may pananampalataya.

3Tayong mga sumampalataya ay tumatanggap ng kapahingahang ipinangako. Ito'y ayon sa kanyang sinabi, “Sa galit ko'y aking isinumpa, ‘Hindi sila makakapasok sa lupain ng kapahingahang aking ipinangako.’” Sinabi niya ito kahit tapos na niya ang kanyang mga gagawin mula nang likhain ang sanlibutan.

4Sapagkat sinasabi sa isang bahagi ng kasulatan ang ganito tungkol sa ikapitong araw, “At sa ikapitong araw, nagpahinga ang Diyos sa kanyang paglikha.”

5At muli pang sinabi, “Hindi sila makakapasok sa lupain ng kapahingahang aking ipinangako.”

6Ang mga unang nakarinig ng Magandang Balita ay hindi nakapasok sa lupain ng kapahingahan dahil hindi sila sumampalataya. Ngunit may mga inaanyayahan pa ring pumasok sa lupaing iyon ng kapahingahan.

7Kaya't muling nagtakda ang Diyos ng isa pang araw na tinawag niyang “Ngayon”. Pagkalipas ng mahabang panahon, sinabi sa pamamagitan ni David sa kasulatang nabanggit, “Ngayon, kapag narinig ninyo ang tinig ng Diyos, huwag ninyong patigasin ang inyong mga puso.”

8Kung ang mga tao noon ay nabigyan ni Josue ng lubos na kapahingahan, hindi na sana ipinangako pa ng Diyos ang tungkol sa isa pang araw ng kapahingahan.

9Kung paanong nagpahinga ang Diyos sa ikapitong araw, mayroon ding kapahingahang nakalaan sa mga taong sumasampalataya sa Diyos,

10sapagkat ang sinumang makapasok sa lupain ng kapahingahang ipinangako ng Diyos ay magpapahinga rin sa kanyang pagpapagal, tulad ng Diyos na nagpahinga sa kanyang paglikha.

11Kaya't sikapin nating makamtan ang kapahingahang iyon at huwag mabigong tulad ng mga hindi sumasampalataya.

12Ang salita ng Diyos ay buháy at mabisa, mas matalas kaysa alinmang tabak na sa magkabila'y may talim. Ito'y tumatagos maging sa kaibuturan ng

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at buto, at nakakaalam ng mga iniisip at binabalak ng puso.

13Walang nilalang na makakapagtago sa Diyos; ang lahat ay hayag at lantad sa kanyang paningin, at sa kanya tayo magsusulit ng ating mga sarili.

### Si Jesus ang Pinakapunong Pari

14Kaya nga, magpakatatag tayo sa ating pananampalataya, dahil mayroon tayong Dakilang Pinakapunong Pari na pumasok na sa kalangitan, doon mismo sa harap ng Diyos. Siya'y walang iba kundi si Jesus na Anak ng Diyos.

15Ang ating Pinakapunong Paring ito ay nakakaunawa sa ating mga kahinaan sapagkat tulad natin, tinukso siya sa lahat ng paraan, subalit kailanma'y hindi siya nagkasala.

16Kaya't huwag tayong mag-atubiling lumapit sa trono ng mahabaging Diyos upang makamtan natin ang habag at pagpapala na tutulong sa atin sa panahon ng ating pangangailangan.

## Mga Hebreo 5

1Ang bawat pinakapunong pari ay pinili mula sa mga tao at inilagay sa ganoong tungkulin upang maglingkod sa Diyos para sa mga tao. Siya ang nag-aalay ng mga kaloob at mga handog para mapatawad ang mga kasalanan.

2Mahinahon niyang napapakitunguhan ang mga mangmang at naliligaw ng landas, sapagkat siya'y mahina ring tulad nila.

3At dahil sa kanyang kahinaan, kinakailangang siya'y mag-alay ng handog, hindi lamang para sa kasalanan ng iba, kundi para rin sa kanyang mga kasalanan.

4Ang karangalan ng pagiging pinakapunong pari ay hindi maaaring makuha ninuman sa kanyang sariling kagustuhan. Ang Diyos ang pumipili sa kanya, tulad ng pagkapili kay Aaron.

5Gayundin naman, hindi itinaas ni Cristo ang kanyang sarili upang maging Pinakapunong Pari. Siya'y pinili ng Diyos na nagsabi sa kanya, “Ikaw ang aking Anak, mula ngayo'y ako na ang iyong Ama.”

6Sinabi rin niya sa ibang bahagi ng kasulatan, “Ikaw ay pari magpakailanman, ayon sa pagkapari ni Melquisedec.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Noong si Jesus ay namumuhay pa rito sa lupa, siya'y nanalangin at lumuluhang nakiusap sa Diyos na makakapagligtas sa kanya sa kamatayan. At dininig siya ng Diyos dahil lubusan siyang nagpakumbaba.

8Kahit na siya'y Anak ng Diyos, natutunan niya ang tunay na kahulugan ng pagsunod sa pamamagitan ng pagtitiis.

9At nang siya'y maging ganap, siya ang naging sanhi upang magkamit ng walang hanggang kaligtasan ang lahat ng mga masunurin sa kanya.

10Ginawa siya ng Diyos na Pinakapunong Pari ayon sa pagkapari ni Melquisedec.

**Babala Laban sa Pagtalikod**

11Marami pa kaming masasabi tungkol sa bagay na ito, ngunit mahirap ipaliwanag sa inyo sapagkat napakabagal ninyong umunawa.

12Dapat sana'y mga tagapagturo na kayo, subalit hanggang ngayo'y kailangan pa kayong turuan ng mga panimulang aralin ng Salita ng Diyos. Dapat sana'y kumakain na kayo ng matigas na pagkain ngunit hanggang ngayon, gatas pa lamang ang inyong kaya.

13Ang sanggol pa ay nabubuhay sa gatas at wala pang karanasan tungkol sa mabuti at masama.

14Ang matigas na pagkain ay para sa may sapat na gulang at dahil sa pagsasanay ay marunong nang kumilala ng pagkakaiba ng mabuti at masama.

## Mga Hebreo 6

1Kaya't iwan na natin ang mga panimulang aralin tungkol kay Cristo at magpatuloy tayo sa mga aral na para sa mga may sapat na gulang na. Tigilan na natin ang muling paglalagay ng pundasyon tungkol sa pagtalikod sa mga gawang walang kabuluhan at tungkol sa pananampalataya sa Diyos,

2tungkol sa mga iba't ibang seremonya ng paglilinis at pagpapatong ng mga kamay, at tungkol sa muling pagkabuhay ng mga patay at sa hatol na walang hanggan.

3Magpatuloy nga tayo; at iyan ang gagawin natin kung loloobin ng Diyos.

4Sapagkat paano pang panunumbalikin upang magsisi ang mga tumalikod na sa kanilang pananampalataya? Dati'y naliwanagan na sila, nakalasap ng makalangit na kaloob at naging kabilang sa mga tumanggap ng Espiritu Santo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Nakalasap na rin sila ng kabutihan ng Salita ng Diyos, at nakadama ng kapangyarihan ng Diyos na lubusang mahahayag sa panahong darating.

6Kapag sila'y tumalikod pagkatapos malasap ang lahat ng ito, hindi na sila maaaring panumbalikin upang magsisi sapagkat muli nilang ipinapako sa krus at inilalantad sa kahihiyan ang Anak ng Diyos.

7Sapagkat pinagpapala ng Diyos ang lupang pagkatapos tumanggap ng masaganang ulan ay sinisibulan ng halamang pinapakinabangan ng mga magsasaka.

8Subalit kung mga damo at halamang matitinik ang tumutubo doon, walang kabuluhan ang lupang iyon at nanganganib pang sumpain ng Diyos at tupukin sa apoy.

9Mga minamahal, kahit ganito ang sinasabi namin, natitiyak namin na nasa mas mabuti kayong kalagayan patungkol sa inyong kaligtasan.

10Makatarungan ang Diyos; hindi niya malilimutan ang inyong ginawa at ang pagmamahal na inyong ipinakita at hanggang ngayo'y ipinapakita sa pamamagitan ng paglilingkod ninyo sa mga hinirang ng Diyos.

11Ang nais namin ay patuloy na magsumikap hanggang wakas ang bawat isa sa inyo upang makamtan ninyo ang inyong inaasahan.

12Kaya't huwag kayong maging tamad. Tularan ninyo ang mga taong dahil sa kanilang pagtitiis at pananalig sa Diyos ay tumatanggap ng mga ipinangako niya.

**Tiyak ang Pangako ng Diyos**

13Nang mangako kay Abraham ang Diyos, siya'y nanumpa sa kanyang sariling pangalan, yamang wala nang hihigit pa sa kanya na maaari niyang panumpaan.

14Sinabi niya, “Ipinapangako ko na lubos kitang pagpapalain at pararamihin ko ang iyong lahi.”

15Matiyagang naghintay si Abraham at natanggap niya ang ipinangako sa kanya.

16Nanunumpa ang mga tao sa pangalan ng isang nakakahigit sa kanila, at sa pamamagitan ng panunumpa ay pinapagtibay ang usapan.

17Gayundin naman, pinagtibay ng Diyos ang kanyang pangako sa pamamagitan ng panunumpa, upang ipakita sa kanyang mga pinangakuan na hindi mababago ang kanyang layunin.

18Hindi nagbabago at hindi nagsisinungaling ang Diyos tungkol sa dalawang bagay na ito: ang kanyang pangako at sumpa. Kaya't tayong nakatagpo ng kanyang kalinga ay panatag ang loob na umaasa sa mga pangako niya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[19]Ang pag-asang ito ang siyang matibay at matatag na angkla ng ating buhay, at ito'y umaabot hanggang sa kabila ng tabing ng templo, hanggang sa Dakong Kabanal-banalan.

[20]Si Jesus ay naunang pumasok doon alang-alang sa atin, at naging Pinakapunong Pari magpakailanman, ayon sa pagkapari ni Melquisedec.

## Mga Hebreo 7

### Ang Paring si Melquisedec

[1]Ang Melquisedec na ito ay hari ng Salem at pari ng Kataas-taasang Diyos. Nang pabalik na si Abraham mula sa pagpuksa sa mga hari, sinalubong siya ni Melquisedec at siya ay binasbasan nito.

[2]Ibinigay ni Abraham kay Melquisedec ang ikasampung bahagi ng lahat ng nasamsam niya mula sa labanan. Ang unang kahulugan ng pangalang Melquisedec ay “Hari ng Katuwiran”. At dahil siya'y hari din ng Salem, ibig sabihin, siya ay “Hari ng Kapayapaan”.

[3]Walang nababanggit tungkol sa kanyang ama at ina, o sa angkang pinagmulan niya. Hindi rin natala ang kanyang kapanganakan o kamatayan. Tulad ng Anak ng Diyos, siya'y pari magpakailanman.

[4]Tingnan ninyo kung gaano kadakila si Melquisedec! Ipinagkaloob sa kanya ni Abraham na ating ninuno ang ikasampung bahagi ng nasamsam niya mula sa labanan.

[5]Ayon sa Kautusan, ang mga pari mula sa angkan ni Levi ay inutusang kumuha ng mga ikapu mula sa mga Israelita, na kanilang mga kapatid, kahit ang mga ito ay mula rin kay Abraham.

[6]Si Melquisedec ay hindi kabilang sa lipi ni Levi, ngunit tumanggap siya ng ikasampung bahagi mula kay Abraham at pinagpala niya ang taong ito na pinangakuan ng Diyos.

[7]Hindi maipagkakaila na ang nagbibigay ng basbas ay mas dakila kaysa kanyang binabasbasan.

[8]Ang mga Levita, na tumatanggap ng ikasampung bahagi ay may kamatayan, ngunit buháy si Melquisedec ayon sa kasulatan.

[9]Kaya't masasabi na rin na maging si Levi na tumatanggap ng ikasampung bahagi, ay nagbigay rin ng ikasampung bahagi sa pamamagitan ni Abraham.

[10]Sapagkat masasabing si Levi ay nasa katawan pa ng kanyang ninunong si Abraham nang ito'y salubungin ni Melquisedec.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Batay sa pagkapari ng mga Levita ang Kautusan ay ibinigay sa mga Israelita. Kung ang pagkapari ng mga Levita ay walang kapintasan, hindi na sana kinailangan pa ang ibang pagkapari na ayon sa pagkapari ni Melquisedec, at hindi ayon sa pagkapari ni Aaron.

12Nang baguhin ang pagkapari, kinailangan ding baguhin ang kautusan.

13Ang ating Panginoon ang paring tinutukoy dito ay kabilang sa ibang lipi, kung saan ay wala ni isa man na naglingkod bilang pari.

14Alam ng lahat na ang ating Panginoon ay mula sa lipi ni Juda, at tungkol sa liping ito ay walang sinabi si Moises tungkol sa mga pari.

**Ibang Pari, Tulad ni Melquisedec**

15Ang bagay na ito ay lalo pang naging maliwanag nang magkaroon ng ibang pari ayon sa pagkapari ni Melquisedec.

16Naging pari siya dahil sa kapangyarihan ng buhay na kailanma'y hindi matatapos, at hindi dahil sa lahing pinagmulan na itinatakda ng Kautusan.

17Sapagkat ito ang sinasabi ng kasulatan tungkol sa kanya, “Ikaw ay pari magpakailanman, ayon sa pagkapari ni Melquisedec.”

18Kaya nga, inalis ang naunang alituntunin dahil sa ito'y mahina at walang bisa.

19Sapagkat walang sinumang nagiging ganap sa pamamagitan ng Kautusan ni Moises. Higit na mabuti ang bagong pag-asang tinanggap natin ngayon, sapagkat sa pamamagitan nito'y nakakalapit na tayo sa Diyos.

20Ang Diyos ay hindi nanumpa nang gawin niyang pari ang iba,

21ngunit nanumpa siya nang gawin niyang pari si Jesus, ayon sa sinabi niya, “Ang Panginoon ay sumumpa, at hindi siya magbabago ng isip, ‘Ikaw ay pari magpakailanman!’”

22Dahil sa pagkakaibang ito, si Jesus ang siyang katiyakan ng mas mabuting tipan.

23Bukod dito, kailangan noon ang maraming pari dahil namamatay sila at hindi nakakapagpatuloy sa panunungkulan.

24Ngunit si Jesus ay buháy magpakailanman, kaya't walang katapusan ang kanyang pagkapari.

25Dahil dito, lubusan niyang maililigtas ang lahat ng lumalapit sa Diyos sa pamamagitan niya, sapagkat siya'y nabubuhay magpakailanman upang mamagitan para sa kanila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

26Samakatuwid, si Jesus ang Pinakapunong Pari na kinakailangan natin. Siya'y banal, walang kasalanan ni kapintasan man, inihiwalay sa mga makasalanan at itinaas sa kalangitan.

27Hindi siya katulad ng ibang mga pinakapunong pari na kailangan pang mag-alay ng mga handog araw-araw, una'y para sa sarili nilang kasalanan, at pagkatapos, para sa kasalanan ng mga tao. Minsan lamang naghandog si Jesus, at ito'y pangmagpakailanman, nang ihandog niya ang kanyang sarili.

28Ang Kautusan ay nagtalaga ng mga punong pari na may mga kahinaan, ngunit ang pangako ng Diyos na may panunumpa, na dumating pagkatapos ng Kautusan, ay humirang sa Anak na walang kapintasan magpakailanman.

## Mga Hebreo 8

### Si Jesus ang Ating Pinakapunong Pari

1Ito ang ibig naming sabihin: mayroon tayong ganyang Pinakapunong Pari, na nakaupo sa kanan ng trono ng Kataas-taasan.

2Siya'y naglilingkod doon sa Dakong Banal, sa tunay na toldang itinayo ng Panginoon, at hindi ng tao.

3Tungkulin ng bawat pinakapunong pari ang mag-alay ng mga kaloob at mga handog, kaya't kailangang ang ating Pinakapunong Pari ay mayroon ding ihahandog.

4Kung siya ay nasa lupa, hindi siya maaaring maging pari, sapagkat mayroon nang mga paring naghahandog ng mga kaloob ayon sa Kautusan.

5Ang paglilingkod ng mga ito ay larawan lamang ng nasa langit, sapagkat nang itatayo na ni Moises ang tolda, mahigpit na ipinagbilin sa kanya ng Diyos ang ganito, “Tiyakin mo na gagawin mo ang lahat ayon sa huwarang ipinakita ko sa iyo sa bundok.”

6Ngunit ang paglilingkod na ipinagkaloob kay Jesus ay higit na dakila kaysa ipinagkaloob sa kanila, dahil siya'y tagapamagitan ng isang tipan na higit na mabuti, sapagkat ang tipang ito ay nababatay sa mas maiinam na pangako.

7Kung walang kakulangan ang unang tipan, hindi na sana nangailangan pa ng pangalawa.

8Ngunit nakita ng Diyos ang pagkukulang ng kanyang bayan, kaya't sinabi niya, “Darating ang mga araw, sabi ng Panginoon, na gagawa ako ng bagong tipan sa bayang Israel at sa bayang Juda.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[9]Hindi ito magiging katulad ng tipang ginawa ko sa kanilang mga ninuno, nang ilabas ko sila sa Egipto. Sapagkat hindi sila naging tapat sa pakikipagtipan sa akin, kaya't sila'y aking pinabayaan.

[10]Ganito ang gagawin kong tipan sa bayan ng Israel pagdating ng panahon, sabi ng Panginoon: Itatanim ko sa kanilang pag-iisip ang aking mga utos; isusulat ko ito sa kanilang puso. Ako ang kanilang magiging Diyos, at sila ang aking magiging bayan.

[11]Hindi na kailangang turuan ang isa't isa at sabihing, ‘Kilalanin mo ang Panginoon.’ Sapagkat ako'y makikilala nilang lahat, mula sa pinakaaba hanggang sa pinakadakila.

[12]Sapagkat patatawarin ko ang kanilang mga kasalanan, at kalilimutan ko na ang kanilang mga kasamaan.”

[13]Nang sabihin ng Diyos ang tungkol sa bagong tipan, pinawalang-bisa na niya ang una. At anumang nawawalan ng bisa at naluluma ay malapit nang mawala.

## Mga Hebreo 9

### Ang Pagsamba Dito sa Lupa at Doon sa Langit

[1]Ang naunang tipan ay may mga alituntunin sa pagsamba at may sambahang ginawa ng tao.

[2]Itinayo ang isang tolda na may dalawang bahagi: ang una ay tinatawag na Dakong Banal at naroon ang ilawan, ang hapag at ang mga tinapay na handog sa Diyos;

[3]ang ikalawa ay nasa kabila ng pangalawang tabing at tinatawag na Dakong Kabanal-banalan.

[4]Naroon ang gintong altar na sunugan ng insenso at ang Kaban ng Tipan, na nababalutan ng ginto. Nasa loob ng Kaban ang sisidlang-ginto na may lamang manna, ang tungkod ni Aaron na nagkaroon ng usbong, at ang mga tapyas ng bato na kinasusulatan ng Tipan.

[5]At sa ibabaw ng kaban ay may mga kerubin, na nagpapakitang naroon ang Diyos. Nalililiman ng mga pakpak ng mga kerubin ang Luklukan ng Awa, ngunit hindi ngayon ang panahon para ipaliwanag nang isa-isa ang lahat ng ito.

[6]Ganoon ang pagkakaayos sa loob ng kanilang toldang sambahan. Ang mga pari ay pumapasok araw-araw sa unang bahagi upang ganapin ang kanilang tungkulin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Ngunit tanging ang pinakapunong pari ang nakakapasok sa ikalawang bahagi, at ito'y minsan lamang niyang ginagawa sa loob ng isang taon. Siya'y may dalang dugo na inihahandog sa Diyos para sa kanyang mga kasalanan at para sa mga kasalanang hindi sinasadyang nagawa ng mga tao.

8Sa pamamagitan ng mga ito, maliwanag na itinuturo ng Espiritu Santo na ang daang papunta sa Dakong Kabanal-banalan ay hindi pa bukás habang nakatayo pa ang unang bahagi ng tolda.

9Simbolo lamang ang mga iyon na tumutukoy sa kasalukuyang panahon. Ang mga kaloob at mga handog na iniaalay ay hindi nakakapagpalinis ng budhi ng mga sumasamba roon.

10Ang paglilinis nila'y nauukol lamang sa pagkain at inumin at sa iba't ibang uri ng paglilinis, mga alituntuning panlabas lamang, na iiral hanggang sa baguhin ng Diyos ang lahat ng bagay.

11Ngunit dumating na si Cristo, ang Pinakapunong Pari ng mabubuting bagay na narito na. At siya'y naglilingkod doon sa sambahang higit na dakila, walang katulad at hindi ginawa ng tao. Ang sambahang iyon ay wala sa sanlibutang ito.

12Minsan lamang pumasok si Cristo sa Dakong Kabanal-banalan, at iyo'y sapat na. Hindi dugo ng mga kambing at guya ang kanyang inihandog, kundi ang sarili niyang dugo, upang magkaroon tayo ng walang hanggang kaligtasan.

13Kung ang dugo ng mga kambing at toro, at ang abo ng dumalagang baka ang iwiniwisik sa mga taong itinuturing na marumi upang sila'y luminis ayon sa Kautusan,

14higit ang nagagawa ng dugo ni Cristo! Sa pamamagitan ng walang hanggang Espiritu, inialay niya sa Diyos ang kanyang sarili bilang handog na walang kapintasan. Ang kanyang dugo ang lumilinis sa ating mga budhi sa mga gawang walang kabuluhan upang tayo'y makapaglingkod sa Diyos na buháy.

15Kaya nga, si Cristo ang tagapamagitan ng bagong tipan. Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan, ipinatawad ang paglabag ng mga tao noong sila'y nasa ilalim pa ng naunang tipan. Dahil dito, makakamtan ng mga tinawag ng Diyos ang walang hanggang pagpapala na kanyang ipinangako.

16Kapag may testamento, kailangang mapatunayang patay na ang gumawa niyon,

17sapagkat ang testamento ay walang bisa habang buháy pa ang gumawa; magkakabisa lamang iyon kapag siya'y namatay na.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

18Maging ang naunang tipan ay pinagtibay sa pamamagitan ng walang dugo.

19Matapos ipahayag ni Moises sa mga tao ang bawat alituntunin sa Kautusan, kumuha siya ng dugo ng mga baka [at ng mga kambing] at hinaluan niya iyon ng tubig. Kumuha siya ng pulang lana at sanga ng hisopo, at isinawsaw iyon sa dugong may halong tubig. Winisikan ang aklat ng Kautusan at ang mga tao.

20Kasabay nito'y kanyang sinabi, "Ito ang dugong nagpapatibay sa tipan na ibinigay ng Diyos at ipinag-utos niya na tuparin ninyo."

21Winisikan din niya ng dugo ang tolda at ang mga kagamitan sa pagsamba.

22Ayon sa Kautusan, halos lahat ng bagay ay nililinis sa pamamagitan ng dugo, at kung walang pag-aalay ng dugo ay walang kapatawaran ng mga kasalanan.

### Kapatawaran ng Kasalanan sa Pamamagitan ng Kamatayan ni Cristo

23Ang mga bagay sa sambahang iyon ay larawan lamang ng mga nasa langit, at kinakailangang linisin sa pamamagitan ng mga handog. Ngunit higit na mabubuting handog ang kinakailangan sa paglilinis ng mga bagay sa sambahang nasa langit.

24Sapagkat si Cristo ay hindi pumasok sa isang Dakong Banal na ginawa ng tao at larawan lamang ng tunay na sambahan. Sa langit mismo siya pumasok at ngayo'y nasa harap na siya ng Diyos at namamagitan para sa atin.

25Ang pinakapunong pari ng mga Judio ay pumapasok sa Dakong Banal taun-taon na may dalang dugo ng mga hayop. Ngunit si Cristo'y minsan lamang pumasok upang ihandog ang kanyang sarili.

26Kung hindi gayon, kailangan sanang paulit-ulit na siya'y mamatay mula pa nang likhain ang sanlibutan. Subalit minsan lamang siyang nagpakita, ngayong magtatapos na ang panahon, upang pawiin ang kasalanan sa pamamagitan ng handog na kanyang inialay.

27Itinakda sa mga tao na minsan lamang mamatay at pagkatapos ay ang paghuhukom.

28Gayundin naman, si Cristo'y minsan lamang inihandog upang pawiin ang mga kasalanan ng mga tao. Siya'y muling darating, hindi upang muling ihandog dahil sa kasalanan, kundi upang iligtas ang mga naghihintay sa kanya.

## Mga Hebreo 10

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Ang Kautusan ay anino lamang at hindi lubos na naglalarawan ng mabubuting bagay na darating. Hindi ito nagpapabanal sa mga lumalapit sa Diyos sa pamamagitan ng mga handog na iniaalay taun-taon.

2Kung napatawad na nga ang mga lumalapit sa Diyos sa pamamagitan ng ganoong mga handog, wala na silang aalalahanin pa tungkol sa kanilang mga kasalanan, at hindi na sila kailangang mag-alay pang muli.

3Ngunit ang mga alay na ito ang nagpapagunita sa mga tao ng kanilang mga kasalanan taun-taon,

4sapagkat ang dugo ng mga toro at mga kambing ay hindi makakapawi ng mga kasalanan.

5-6Dahil diyan, nang si Cristo'y naparito sa daigdig, sinabi niya sa Diyos: “Ang mga pang-alay, pati mga handog, at ang mga hayop na handang sunugin, hindi mo na ibig sa dambana dalhin, hindi mo kinalugdan ang mga handog na sinusunog, at ang mga handog upang pawiin ang kasalanan. Kaya't inihanda mo ang aking katawan upang maging handog.

7Kaya't sinabi ko, ‘Ako'y narito, O Diyos, upang sundin ang iyong kalooban,’ ayon sa sinasabi ng kasulatan tungkol sa akin.”

8Sinabi muna niya, “Hindi mo ninais o kinalugdan ang mga alay at handog na hayop, mga handog na susunugin, at mga handog dahil sa kasalanan” kahit ito'y inihahandog ayon sa Kautusan.

9Saka niya idinugtong, “Ako'y narito upang sundin ang iyong kalooban.” Sa ganitong paraan, inalis nga ng Diyos ang unang handog at pinalitan ng handog ni Cristo.

10At dahil sinunod niya ang kalooban ng Diyos, tayo ay ginawang banal ni Jesu-Cristo sa pamamagitan ng minsanang paghahandog ng kanyang sarili, at iyon ay sapat na.

11Bawat pari ay naglilingkod araw-araw at paulit-ulit na naghahandog ng pare-pareho ding mga handog, subalit ang mga iyon ay hindi naman nakakapawi ng kasalanan.

12Ngunit si Cristo ay minsan lamang naghandog para sa mga kasalanan, at iyo'y sapat na. Pagkatapos ay umupo siya sa kanan ng Diyos.

13Ngayo'y naghihintay siya roon hanggang sa lubusang pasukuin sa kanya ng Diyos ang kanyang mga kaaway.

14Samakatuwid, sa pamamagitan lamang ng isang paghahandog ay kanyang ginawang ganap magpakailanman ang mga nililinis ng Diyos.

15Ang Espiritu Santo'y nagpapatotoo rin sa atin tungkol dito. Sinabi niya,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[16]“Ganito ang gagawin kong tipan sa kanila pagdating ng mga araw na iyon, sabi ng Panginoon: Itatanim ko sa kanilang puso ang aking mga utos, at isusulat ko ang mga iyon sa kanilang mga isip.”

[17]Pagkatapos ay sinabi pa niya, “Kalilimutan ko na ang kanilang mga kasalanan at kasamaan.”

[18]Sapagkat ipinatawad na ang mga kasalanan, hindi na kailangan pang maghandog dahil sa kasalanan.

**Lumapit Tayo sa Diyos**

[19]Kaya nga, mga kapatid, tayo'y malaya nang makakapasok sa Dakong Kabanal-banalan dahil sa dugo ni Jesus.

[20]Binuksan niya para sa atin ang isang bago at buháy na daang naglalagos hanggang sa kabila ng tabing, at ang tabing na ito'y ang kanyang katawan.

[21]Tayo ay may isang Pinakapunong Pari na namamahala sa sambahayan ng Diyos.

[22]Kaya't lumapit tayo sa Diyos nang may pusong tapat at may matibay na pananampalataya sa kanya. Lumapit tayong may malinis na budhi sapagkat nilinis na ang ating mga puso at hinugasan na ng dalisay na tubig ang ating mga katawan.

[23]Magpakatatag tayo sa ating pag-asa at huwag nang mag-alinlangan pa, sapagkat tapat ang nangako sa atin.

[24]Sikapin din nating gisingin ang damdamin ng bawat isa sa pagmamahal sa kapwa at sa paggawa ng mabuti.

[25]Huwag nating kaliligtaan ang pagdalo sa ating mga pagtitipon, gaya ng nakasanayan ng iba. Sa halip, palakasin natin ang loob ng isa't isa, lalo na ngayong nakikita nating malapit na ang Araw ng Panginoon.

[26]Matapos nating malaman at tanggapin ang katotohanan at sadyain pa rin nating magkasala, wala nang handog na maiaalay pa para sa ikapagpapatawad ng ating mga kasalanan.

[27]Ang naghihintay na lamang sa atin ay ang kakila-kilabot na paghuhukom at ang naglalagablab na apoy na tutupok sa mga kaaway ng Diyos!

[28]Ang mapatunayang lumabag sa Kautusan ni Moises batay sa patotoo ng dalawa o tatlong saksi ay walang awang pinapatay.

[29]Gaano kabigat, sa akala ninyo, ang parusang nararapat sa taong humamak sa Anak ng Diyos, lumapastangan sa dugong nagpatibay sa tipan at nagpabanal sa kanya, at lumait sa mapagpalang Espiritu?

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Sapagkat kilala natin ang nagsabi, “Akin ang paghihiganti; ako ang magpaparusa.” At siya rin ang nagsabi, “Hahatulan ng Panginoon ang kanyang bayan.”

31Kakila-kilabot ang mahulog sa kamay ng Diyos na buháy!

32Alalahanin ninyo ang mga araw na nagdaan, kung paanong kayo'y nagtiis ng matinding hirap matapos na kayo'y maliwanagan, ngunit hindi kayo nagpadaig.

33Kung minsan, kayo ang iniinsulto at pinapahirapan sa harap ng madla; kung minsan nama'y kayo ang umaalalay sa mga kasamahan ninyo na pinapahirapan nang gayon.

34Dinamayan ninyo ang mga nakabilanggo at hindi kayo nalungkot nang kayo'y agawan ng ari-arian, sapagkat alam ninyong higit na mabuti at nananatili ang kayamanang nakalaan sa inyo.

35Kaya't huwag kayong mawawalan ng pananampalataya sa Diyos, sapagkat dakila ang naghihintay na gantimpala para sa inyo.

36Kinakailangang kayo'y magtiis upang masunod ninyo ang kalooban ng Diyos at matanggap ninyo ang kanyang ipinangako.

37Sapagkat, “Kaunting panahon na lamang, hindi na magtatagal, at ang darating ay darating na.

38Ang matuwid kong lingkod ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya, ngunit kung siya'y tatalikod, hindi ko siya kalulugdan.”

39Ngunit hindi tayo kabilang sa mga tumatalikod at napapahamak; kundi sa mga may pananampalataya at naliligtas.

## Mga Hebreo 11

### Ang Pananampalataya sa Diyos

1Ang pananampalataya ay katiyakan na mangyayari ang ating mga inaasahan, at paninindigan tungkol sa mga bagay na hindi nakikita.

2Kinalugdan ng Diyos ang mga tao noong unang panahon dahil sa kanilang pananampalataya.

3Dahil sa pananampalataya, nauunawaan natin na ang sanlibutan ay nilalang sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, at ang mga bagay na nakikita ay ginawa mula sa mga hindi nakikita.

4Dahil sa pananampalataya sa Diyos, si Abel ay nag-alay ng mas mabuting handog kaysa sa inihandog ni Cain. Kaya naman, si Abel ay kinilalang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

matuwid nang tanggapin ng Diyos ang kanyang handog. Kahit patay na, nagsasalita pa siya sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya.

5 Dahil sa pananampalataya, si Enoc ay hindi nakaranas ng kamatayan. Hindi na siya nakita sapagkat kinuha siya ng Diyos. Sinasabi sa kasulatan na si Enoc ay naging kalugud-lugod bago siya kinuha ng Diyos.

6 Hindi maaaring kalugdan ng Diyos ang walang pananampalataya sa kanya, sapagkat ang sinumang lumalapit sa Diyos ay dapat sumampalatayang may Diyos at siya ang nagbibigay ng gantimpala sa mga humahanap sa kanya.

7 Dahil sa pananampalataya, pinakinggan ni Noe ang babala ng Diyos tungkol sa mga bagay na mangyayari ngunit hindi pa niya nakikita. Gumawa siya ng isang malaking barko upang siya at ang kanyang pamilya ay maligtas. Sa pamamagitan nito'y nahatulan ang sanlibutan, ngunit si Noe ay ibinilang na matuwid dahil sa kanyang pananampalataya sa Diyos.

8 Dahil sa pananampalataya, sumunod si Abraham nang siya'y utusan ng Diyos upang pumunta sa isang lupaing ipinangako sa kanya. Sumunod nga siya, kahit hindi niya alam kung saan siya pupunta.

9 Dahil din sa kanyang pananampalataya, siya'y nanirahan bilang dayuhan sa lupang ipinangako sa kanya. Mga tolda ang naging tirahan niya, gayundin sina Isaac at Jacob na tumanggap ng ganoon ding pangako.

10 Sapagkat umasa si Abraham ng isang lungsod na may matatag na pundasyon at ang Diyos mismo ang nagplano at nagtayo.

11 Dahil din sa pananampalataya, si Abraham ay nagkaroon ng kakayahang maging ama, kahit na siya'y matanda na at kahit si Sara ay hindi na maaaring magkaanak pa. Nanalig siyang tutuparin ng Diyos ang kanyang pangako.

12 Kaya't sa isang taong maituturing na halos patay na ay nagmula ang isang lahi na naging sindami ng bituin sa langit at ng di mabilang na buhangin sa dalampasigan.

13 Silang lahat ay namatay na may pananampalataya. Hindi nila nakamtan ang mga ipinangako ng Diyos, ngunit natanaw nila iyon mula sa malayo at itinuring na natanggap na nila. Kinilala nilang sila'y mga dayuhan lamang at nangingibang-bayan dito sa lupa.

14 Ipinapakilala ng mga taong nagsasalita ng ganoon, na naghahanap pa sila ng sariling bayan.

15 Kung nasa isip nila ay ang lupaing kanilang pinanggalingan, may pagkakataon pa sana silang makabalik doon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

[16]Ngunit ang hinahangad nila'y isang lungsod na higit na mabuti, ang lungsod na nasa langit. Kaya naman hindi ikinahiya ng Diyos na siya'y tawaging Diyos nila, sapagkat sila'y ipinaghanda niya ng isang lungsod.

[17]Nang subukin ng Diyos si Abraham, pananampalataya din ang nag-udyok sa kanya na ialay si Isaac bilang handog sa Diyos. Buong puso niyang inihandog ang kaisa-isa niyang anak, gayong ipinangako sa kanya ng Diyos

[18]na kay Isaac magmumula ang magiging lahi niya.

[19]Naniwala siya na kaya ng Diyos na bumuhay ng patay, kaya't sa patalinghagang pangungusap, naibalik nga sa kanya si Isaac mula sa mga patay.

[20]Dahil sa pananampalataya, iginawad ni Isaac kina Jacob at Esau ang pagpapala para sa hinaharap.

[21]Dahil sa pananampalataya, iginawad ni Jacob ang pagpapala sa dalawang anak ni Jose bago siya namatay. Humawak siya sa kanyang tungkod at sumamba sa Diyos.

[22]Dahil sa pananampalataya, sinabi ni Jose, nang siya'y malapit nang mamatay, ang tungkol sa pag-alis ng mga Israelita sa Egipto, at ipinagbilin sa kanila na dalhin ang kanyang mga buto sa kanilang pag-alis.

[23]Dahil sa pananampalataya, ang mga magulang ni Moises ay hindi natakot na sumuway sa utos ng hari; nang makita nilang maganda ang sanggol, itinago nila ito sa loob ng tatlong buwan.

[24]Dahil sa pananampalataya, tumanggi si Moises, nang siya'y mayroon nang sapat na gulang, na tawagin siyang anak ng prinsesang anak ng hari.

[25]Inibig pa niyang makihati sa kaapihang dinaranas ng bayan ng Diyos kaysa magtamasa ng mga panandaliang aliw na dulot ng kasalanan.

[26]Itinuring niyang higit na mahalaga ang pagtitiis sa hirap dahil sa Mesiyas kaysa ang mga kayamanan ng Egipto; sapagkat nakatuon ang kanyang paningin sa mga gantimpala sa hinaharap.

[27]Pananampalataya din ang nag-udyok kay Moises na lisanin ang Egipto nang hindi natatakot sa galit ng hari. Matatag ang kanyang kalooban sapagkat para niyang nakita ang Diyos.

[28]Dahil din sa pananampalataya, itinatag niya ang Paskwa at iniutos sa mga Israelita na pahiran ng dugo ang pintuan ng kanilang mga bahay upang huwag patayin ng Anghel na Mamumuksa ang kanilang mga panganay.

[29]Dahil sa pananampalataya, nakatawid ang mga Israelita sa Dagat na Pula na parang lumalakad sa tuyong lupa, samantalang nalunod naman ang mga Egipcio nang ang mga ito'y tumawid.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

30Dahil sa pananampalataya ng mga Israelita, gumuho ang pader ng Jerico
matapos silang maglakad sa palibot nito nang pitong araw.

31Dahil sa pananampalataya, si Rahab, ang babaing nagbebenta ng aliw, ay hindi napahamak na kasama ng mga ayaw sumunod sa Diyos, sapagkat malugod niyang pinatuloy ang mga espiyang Israelita.

32Magpapatuloy pa ba ako? Kulang ang panahon para maisalaysay ko ang tungkol kina Gideon, Barak, Samson, Jefte, David, Samuel, at mga propeta.

33Dahil sa pananampalataya, nagwagi sila laban sa mga kaharian, nagpatupad ng katarungan, at nagkamit ng mga ipinangako ng Diyos. Napaamo nila ang mga leon,

34napatay ang naglalagablab na apoy, at nakaligtas sila sa mga talim ng tabak. Sila'y mahihina ngunit binigyan ng lakas upang maging magiting sa digmaan, kaya't natalo ang hukbo ng mga dayuhan.

35Dahil sa pananampalataya, ibinalik sa ilang mga babae ang kanilang mga mahal sa buhay na namatay sa pamamagitan ng muling pagkabuhay. May mga tumangging sila'y palayain, sapagkat pinili nila ang mamatay sa pahirap upang sila'y muling buhayin at magtamo ng mas mabuting buhay.

36Mayroon namang hinamak at hinagupit, at mayroon ding ikinadena at ibinilanggo.

37Ang iba naman ay pinagbabato, nilagari sa dalawa, [tinukso], at pinatay sa tabak. Ang iba'y nagdamit ng balat ng tupa at kambing, ang iba'y namulubi, inapi, at pinagmalupitan.

38Hindi karapat-dapat sa kanila ang daigdig! Nagpagala-gala sila sa mga ilang at kabundukan. Nagtago sila sa mga yungib at lungga sa lupa.

39At dahil sa kanilang pananampalataya, nag-iwan sila ng isang kasaysayang hindi makakalimutan kailanman. Ang lahat ng mga ito, bagama't may mabuting patotoo dahil sa kanilang pananampalataya, ay hindi tumanggap ng ipinangako,

40sapagkat may mas magandang plano ang Diyos para sa atin, upang sila'y hindi maging ganap malibang kasama tayo.

## Mga Hebreo 12

### Ama Natin ang Diyos

1Kaya nga, dahil napapaligiran tayo ng napakaraming saksi, tanggalin natin ang anumang balakid at ang kasalanang kumakapit sa atin. Buong tiyaga tayong tumakbo sa takbuhing nasa ating harapan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[2]Ituon natin ang ating paningin kay Jesus. Sa kanya nakasalalay ang ating pananampalataya mula simula hanggang katapusan. Dahil sa kagalakang naghihintay sa kanya, hindi niya inalintana ang kahihiyan ng pagkamatay sa krus, at siya ngayo'y nakaupo sa kanan ng trono ng Diyos.

[3]Isip-isipin ninyo kung gaano ang tiniis niyang pag-uusig sa kamay ng mga makasalanan, upang hindi kayo manlupaypay o panghinaan ng loob.

[4]Hindi pa humahantong sa pagdanak ng dugo ang pakikipaglaban ninyo sa kasalanan.

[5]Nalimutan na ba ninyo ang panawagan ng Diyos sa inyo bilang mga anak niya, mga salitang nagpapalakas ng loob? “Anak ko, huwag mong baliwalain ang pagtutuwid ng Panginoon, at huwag kang panghihinaan ng loob kapag ikaw ay dinidisiplina niya.

[6]Sapagkat dinidisiplina ng Panginoon ang mga minamahal niya, at pinapalo ang itinuturing niyang anak.”

[7]Tiisin ninyo ang lahat ng hirap tulad sa pagtutuwid ng isang ama, dahil ito'y nagpapakilalang kayo'y tinatanggap ng Diyos bilang tunay niyang mga anak. Sinong anak ang hindi dinidisiplina ng kanyang ama?

[8]Kung ang pagdidisiplina na ginagawa sa lahat ng anak ay hindi gagawin sa inyo, hindi kayo tunay na mga anak kundi kayo'y mga anak sa labas.

[9]Hindi ba't dinidisiplina tayo ng ating mga magulang, at dahil diyan ay iginagalang natin sila? Hindi ba't upang tayo'y mabuhay, mas nararapat na tayo'y pasakop sa Diyos na ating Ama sa espiritu?

[10]Sa loob ng maikling panahon, dinisiplina tayo ng ating mga magulang para sa ating ikabubuti. Gayundin naman, itinutuwid tayo ng Diyos sa ikabubuti natin upang tayo'y maging banal tulad niya.

[11]Habang tayo'y itinutuwid, hindi tayo natutuwa kundi naghihinagpis, ngunit pagkatapos niyon, mararanasan natin ang kapayapaang bunga ng pagsasanay sa matuwid na pamumuhay.

**Mga Babala at mga Tagubilin**

[12]Dahil dito'y itaas ninyo ang inyong mga nanghihinang kamay at patatagin ang mga nangangalog na tuhod.

[13]Lumakad kayo sa daang matuwid upang hindi lumala ang mga paang napilay at sa halip ay gumaling ang nalinsad na buto.

[14]Sikapin ninyong makasundo ang lahat, at magpakabanal sapagkat hindi ninyo makikita ang Panginoon kung hindi kayo mamumuhay nang ganito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[15]Pag-ingatan ninyong huwag tumalikod ang sinuman sa inyo sa pag-ibig ng Diyos. Huwag kayong magtanim ng sama ng loob na dahil dito'y napapasamâ ang iba.

[16]Pag-ingatan ninyo na huwag makiapid ang sinuman sa inyo, o pawalang-halaga ang mga bagay na espirituwal, tulad ng ginawa ni Esau. Ipinagpalit niya sa pagkain ang kanyang karapatan bilang panganay.

[17]Alam ninyo ang nangyari pagkatapos. Hiningi niya sa kanyang ama na igawad sa kanya ang pagpapalang nauukol sa panganay, ngunit ito'y itinanggi sa kanya sapagkat hindi na niya mababago ang kanyang ginawa, anuman ang gawin niyang pakiusap at pagluha.

[18]Hindi kayo lumapit sa isang bundok na nakikita, gaya ng mga Israelita sa bundok ng Sinai. Ito'y may apoy na nagliliyab, nababalutan ng dilim at may malakas na hangin.

[19]Nakarinig sila roon ng tunog ng trumpeta at ng isang tinig. Nang ang tinig na iyon ay marinig ng mga tao, nakiusap silang huwag na itong magsalita sa kanila,

[20]sapagkat hindi nila kayang tanggapin ang utos na ito, “Ang sinumang tumapak sa bundok, kahit hayop, ay babatuhin hanggang sa mamatay.”

[21]Talagang nakakakilabot ang kanilang natanaw, kaya't pati si Moises ay nagsabing, “Nanginginig ako sa takot!”

[22]Sa halip, ang nilapitan ninyo ay ang Bundok ng Zion at ang lungsod ng Diyos na buháy, ang Jerusalem sa langit, na kinaroroonan ng di mabilang na anghel.

[23]Ang dinaluhan ninyo ay masayang pagtitipon ng mga panganay na anak, na ang mga pangalan ay nakatala sa langit. Ang nilapitan ninyo ay ang Diyos na hukom ng lahat, at ang mga espiritu ng mga taong ginawang ganap.

[24]Nilapitan ninyo si Jesus, ang tagapamagitan ng bagong tipan, at ang dugong iwinisik na may pangako ng mas mabubuting bagay kaysa sa isinisigaw ng dugo ni Abel.

[25]Kaya't huwag kayong tumangging makinig sa kanya na nagsasalita. Ang tumangging makinig sa nagsalita sa kanila dito sa lupa ay hindi nakaligtas sa parusa! Gaano pa kaya tayo, kung tayo'y tatangging makinig sa nagsasalita mula sa langit!

[26]Dahil sa kanyang tinig, nayanig noon ang lupa; ngunit ipinangako niya ngayon, “Minsan ko pang yayanigin, hindi lamang ang lupa, pati na rin ang langit.”

[27]Ang mga salitang “Minsan pa” ay maliwanag na nagsasabing aalisin ang mga nilikhang nayayanig, upang manatili ang mga bagay na di-nayayanig.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

28Kaya magpasalamat tayo sa Diyos sapagkat tumanggap tayo ng isang kahariang hindi nayayanig. Sambahin natin ang Diyos sa paraang kalugud-lugod sa kanya, may paggalang at pagkatakot,

29sapagkat tunay nga na ang ating Diyos ay apoy na tumutupok.

## Mga Hebreo 13

### Paglilingkod na Nakalulugod sa Diyos

1Patuloy kayong magmahalan bilang magkakapatid kay Cristo.

2Palaging maging bukás ang inyong mga tahanan para sa mga taga-ibang bayan. May ilang tao noon na nakapagpatulóy ng mga anghel, lingid sa kanilang kaalaman.

3Alalahanin ninyo ang mga nakabilanggo, na parang kayo'y nakabilanggo ring kasama nila. Damayan din ninyo ang mga pinagmamalupitan, na parang kayo'y dumaranas din ng ganoon.

4Dapat ituring na marangal ng lahat ang pag-aasawa at maging tapat kayo sa isa't isa, sapagkat hahatulan ng Diyos ang mga nakikiapid at nangangalunya.

5Huwag kayong magmukhang pera; at masiyahan na kayo sa anumang nasa inyo. Sapagkat sinabi ng Diyos, "Hindi kita iiwan ni pababayaan man."

6Kaya't malakas ang loob nating masasabi, "Ang Panginoon ang tumutulong sa akin, hindi ako matatakot. Ano ang magagawa sa akin ng tao?"

7Alalahanin ninyo ang mga namumuno sa inyo, na nagpahayag sa inyo ng salita ng Diyos. Isipin ninyo kung paano sila namuhay, at tularan ninyo ang kanilang pananampalataya.

8Kung sino si Jesu-Cristo noon ay siya rin ngayon at magpakailanman.

9Huwag kayong patangay sa mga sari-sari at kakaibang katuruan. Mas mabuti para sa atin ang mapanatag ang ating kalooban sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos kaysa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga walang pakinabang na mga utos tungkol sa pagkain.

10Tayo'y may isang dambana, at ang mga paring naglilingkod sa sambahan ay hindi maaaring kumain ng mga inihandog sa dambanang ito.

11Ang dugo ng mga hayop ay dinadala ng pinakapunong pari sa Dakong Kabanal-banalan upang ialay bilang handog dahil sa kasalanan, ngunit ang katawan ng mga hayop ay sinusunog sa labas ng kampo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Gayundin naman, namatay si Jesus sa labas ng lungsod upang linisin niya ang tao sa kanilang kasalanan, sa pamamagitan ng kanyang dugo.

13Kaya't pumunta tayo sa kanya sa labas ng kampo at magtiis din ng kahirapang kanyang tiniis.

14Sapagkat hindi rito sa lupa ang tunay na lungsod natin, at ang hinahanap natin ay ang lungsod na darating.

15[Kaya't] lagi tayong mag-alay ng papuri bilang handog sa Diyos sa pamamagitan ni Jesus, papuring mula sa ating mga labi na nagpapahayag ng ating pagkilala sa kanyang pangalan.

16At huwag nating kaligtaan ang paggawa ng mabuti at ang pagtulong sa kapwa, sapagkat iyan ang alay na kinalulugdan ng Diyos.

17Pasakop kayo at sumunod sa mga namamahala sa inyo. Sila'y nangangalaga sa inyo, at mananagot sila sa Diyos sa gawaing ito. Kung sila'y susundin ninyo, magagalak sila sa pagtupad ng kanilang tungkulin; kung hindi, sila'y mamimighati, at hindi ito makakabuti sa inyo.

18Ipanalangin ninyo kami. Nakakatiyak kaming malinis ang aming budhi at hinahangad naming mabuhay nang matuwid sa lahat ng panahon.

19Higit sa lahat, hinihiling kong ipanalangin ninyo na ako'y makabalik agad sa inyo.

**Panalangin**

20Ang Diyos ng kapayapaan ang siyang muling bumuhay sa ating Panginoong Jesus, na naging Dakilang Pastol ng mga tupa dahil sa kanyang dugo na nagpatibay sa walang hanggang tipan.

21Nawa'y ipagkaloob niya sa inyo ang lahat ng kailangan ninyo upang maisagawa ang kanyang kalooban, at sa pamamagitan ni Jesu-Cristo ay gawin niya sa atin ang nakalulugod sa kanya. Papurihan nawa si Cristo magpakailanman! Amen.

**Panghuling Pangungusap**

22Mga kapatid, hinihiling ko na pagtiyagaan ninyong pakinggan ang mga pangaral kong ito sapagkat hindi naman gaanong mahaba ang sulat na ito.

23Nais ko ring malaman ninyo na pinalaya na ang ating kapatid na si Timoteo, at kung darating siya agad, isasama ko siya pagpunta ko riyan.

24Ikumusta ninyo kami sa mga namumuno sa inyo at sa lahat ng hinirang ng Diyos. Kinukumusta kayo ng mga kapatid sa Italia.

25Nawa'y sumainyong lahat ang kagandahang-loob ng Diyos. [Amen.]

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Santiago

## Santiago 1

1Mula kay Santiago, lingkod ng Diyos at ng Panginoong Jesu-Cristo: Ipinapaabot ko ang aking pagbati sa lahat ng mga hinirang ng Diyos na nakikipamayan sa iba't ibang bansa.

### Pananampalataya at Karunungan

2Mga kapatid, magalak kayo kapag kayo'y dumaranas ng iba't ibang uri ng pagsubok.

3Dapat ninyong malaman na nagiging matatag ang inyong pananampalataya sa pamamagitan ng mga pagsubok.

4At dapat kayong magpakatatag hanggang wakas upang kayo'y maging ganap at walang pagkukulang.

5Ngunit kung ang sinuman sa inyo ay kulang sa karunungan, humingi siya sa Diyos at siya'y bibigyan, sapagkat ang Diyos ay nagbibigay nang sagana at hindi nanunumbat.

6Subalit ang humihingi ay dapat magtiwala sa Diyos at huwag mag-alinlangan, sapagkat ang nag-aalinlangan ay parang alon sa dagat na itinataboy ng hangin kahit saan.

7Huwag umasang tatanggap ng anuman mula sa Panginoon ang taong

8pabagu-bago ang isip at di alam kung ano talaga ang nais niya.

### Ang Mahirap at ang Mayaman

9Dapat magalak ang mahirap na kapatid kapag siya'y itinataas ng Diyos,

10at gayundin naman ang mayamang kapatid kapag siya'y ibinababâ, sapagkat ang mayaman ay lilipas na gaya ng bulaklak ng damo.

11Ang damo ay nalalanta sa matinding sikat ng araw, nalalagas ang kanyang mga bulaklak at kumukupas ang kanyang kagandahan. Gayundin naman, ang mayaman ay mamamatay sa gitna ng kanyang mga kaabalahan.

### Ang Pagsubok at ang Pagtukso

12Pinagpala ang taong nananatiling tapat sa kabila ng mga pagsubok; sapagkat matapos niyang malampasan ang pagsubok, tatanggap siya ng gantimpala ng buhay, na ipinangako ng Panginoon sa mga umiibig sa kanya.

13Huwag sabihin ninuman na tinutukso siya ng Diyos kapag siya'y dumaranas ng pagsubok, sapagkat ang Diyos ay hindi maaaring matukso at hindi rin naman niya tinutukso ang kahit sino.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[14]Natutukso ang tao kapag siya'y naaakit at nagpapatangay sa kanyang sariling pagnanasa.

[15]At ang pagnanasa kapag naitanim sa puso ay nagbubunga ng kasalanan; at ang kasalanan, sa hustong gulang ay nagbubunga ng kamatayan.

[16]Huwag kayong padaya, mga kapatid kong minamahal.

[17]Ang lahat ng mabuti at ganap na kaloob ay buhat sa Diyos, mula sa Ama na lumikha ng mga tanglaw sa kalangitan. Hindi siya nagbabago, o nagdudulot ng bahagya mang dilim dahil sa pagbabago.

[18]Niloob niyang tayo'y maging anak niya sa pamamagitan ng salita ng katotohanan, upang tayo'y maging pangunahin higit kaysa lahat ng kanyang mga nilalang.

**Pakikinig at Pagsasagawa**

[19]Mga kapatid kong minamahal, unawain ninyo ito: maging alisto kayo sa pakikinig, maingat sa pagsasalita at hindi agad nagagalit.

[20]Dahil ang galit ng tao ay hindi nakakatulong upang magawa kung ano ang ayon sa kalooban ng Diyos.

[21]Kaya't talikuran na ninyo ang inyong maruruming gawa at alisin ang masasamang asal. Mapagpakumbabang tanggapin ninyo ang salitang itinanim sa inyong puso. Ito ay may kakayahang magligtas sa inyo.

[22]Mamuhay kayo ayon sa salita ng Diyos. Kung ito'y pinapakinggan lamang ninyo ngunit hindi isinasagawa, dinadaya ninyo ang inyong sarili.

[23]Sapagkat ang nakikinig ng salita ngunit hindi sumusunod dito ay katulad ng isang taong tumitingin sa salamin,

[24]at pagkatapos makita ang sarili ay umaalis at kinakalimutan ang kanyang anyo.

[25]Ang taong nagsasaliksik at nagpapatuloy sa pagsunod sa Kautusang ganap na nagpapalaya sa tao ang pagpapalain ng Diyos sa lahat ng kanyang gawain. Siya ang taong gumagawa at hindi siya katulad ng nakikinig lamang at pagkatapos ay nakakalimot.

[26]Kung inaakala ninuman na siya'y relihiyoso, ngunit hindi naman siya marunong magpigil ng dila, dinadaya lamang niya ang kanyang sarili. Walang kabuluhan ang kanyang pagiging relihiyoso.

[27]Ang relihiyon na dalisay at walang dungis sa harap ng ating Diyos at Ama ay ito: pagtulong sa mga ulila at sa mga biyuda sa kanilang kahirapan, at pag-iingat sa sarili upang huwag mahawa sa kasamaan ng mundong ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Santiago 2

### Babala Laban sa Pagtatangi

1Mga kapatid ko, bilang mga mananampalataya kay Jesu-Cristo na ating maluwalhating Panginoon, dapat maging pantay-pantay ang tingin ninyo sa lahat ng tao.

2Kung may pumasok sa inyong kapulungan na isang lalaking may mga singsing na ginto at nakadamit nang magara, at dumating din doon ang isang dukha na gusgusin ang damit,

3at inasikaso ninyong mabuti ang nakadamit nang magara at sinabi sa kanya, “Dito kayo maupo,” at sinabi naman ninyo sa mahirap, “Tumayo ka na lang diyan,” o kaya'y, “Sa sahig ka na lang umupo,”

4nagtatangi na kayo at humahatol nang mali.

5Mga kapatid kong minamahal, makinig kayong mabuti! Hindi ba't pinili ng Diyos ang mahihirap sa mundong ito upang maging mayaman sa pananampalataya at maging kasama sa kahariang ipinangako niya sa mga umiibig sa kanya?

6Ngunit hinahamak ninyo ang mahihirap. Hindi ba't ang mayayaman ang umaapi sa inyo at sila ang kumakaladkad sa inyo sa hukuman?

7Hindi ba't sila rin ang lumalait sa marangal na pangalang ibinigay sa inyo ng Diyos?

8Mabuti ang inyong ginagawa kung tinutupad ninyo ang utos ng Diyos na ating hari, ayon sa Kasulatan, “Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.”

9Ngunit kung nagtatangi kayo ng tao, kayo'y nagkakasala, at batay sa Kautusan, dapat kayong parusahan.

10Ang lumalabag sa isang utos, kahit tumutupad sa iba pa, ay lumalabag sa buong Kautusan,

11sapagkat ang Diyos na nagsabing, “Huwag kang mangangalunya,” ay siya ring nagsabing, “Huwag kang papatay.” Kung hindi ka man nangangalunya, ngunit pumapatay ka naman, nilalabag mo pa rin ang Kautusan.

12Kaya't mag-ingat kayo sa inyong pagkilos at pananalita, sapagkat hahatulan kayo ayon sa kautusang nagpapalaya sa inyo.

13Walang awang hahatulan ang di-marunong maawa; ngunit mangingibabaw ang awa sa paghatol.

### Pananampalataya at mga Gawa

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Mga kapatid, ano ang pakinabang kung sabihin ng isang tao na siya'y may pananampalataya, ngunit hindi naman niya ito pinapatunayan sa gawa? Maililigtas ba siya ng ganoong uri ng pananampalataya?

15Halimbawa, may isang kapatid na walang maisuot at walang makain.

16Kung sasabihin ninyo sa kanya, “Patnubayan ka nawa ng Diyos; magbihis ka't magpakabusog,” ngunit hindi naman ninyo siya binibigyan ng kanyang kailangan, ano ang silbi niyon?

17Gayundin naman, patay ang pananampalatayang walang kalakip na gawa.

18Ngunit may nagsasabi, “May pananampalataya ka at may gawa naman ako.” Ipakita mo sa akin kung paano maaaring magkaroon ng pananampalataya nang walang mga gawa, at ipapakita ko naman sa iyo ang aking pananampalataya sa pamamagitan ng aking mga gawa.

19Sumasampalataya ka na ang Diyos ay iisa, di ba? Mabuti naman! Ang mga demonyo man ay sumasampalataya rin, at nanginginig pa.

20Isa kang hangal! Nais mo pa bang patunayan ko sa iyo na walang kabuluhan ang pananampalatayang walang kasamang gawa?

21Hindi  ba't ang ating amang si Abraham ay itinuring ng Diyos na matuwid dahil sa kanyang mga gawa, nang ihandog niya sa dambana ang anak niyang si Isaac?

22Dito ay makikita mong magkalakip ang kanyang pananampalataya at mga gawa, at naging ganap ang kanyang pananampalataya dahil sa kanyang mga gawa.

23Natupad ang sinasabi ng kasulatan, “Si Abraham ay sumampalataya sa Diyos, at dahil dito, siya'y itinuring ng Diyos bilang matuwid,” at tinawag siyang “kaibigan ng Diyos.”

24Diyan ninyo makikita na itinuturing na matuwid ang isang tao dahil sa kanyang mga gawa at hindi dahil sa pananampalataya lamang.

25Gayundin si Rahab, ang babaing nagbebenta ng aliw; pinatuloy niya ang mga espiya ng Israel at itinuro pa sa kanila ang ibang daan upang sila'y makatakas. Dahil sa ginawa niyang iyon, siya'y itinuring na matuwid.

26Patay ang katawang walang espiritu; gayundin naman, patay ang pananampalatayang walang kasamang gawa.

## Santiago 3

### Ang Dila

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Mga kapatid, huwag maghangad na maging guro ang marami sa inyo, dahil alam ninyo na tayong mga nagtuturo ay hahatulan nang mas mahigpit kaysa iba.

2Tayong lahat ay nagkakamali sa iba't ibang paraan. Ang sinumang hindi nagkakamali sa kanyang pananalita ay isang taong ganap at marunong magpigil sa sarili.

3Kapag nilagyan ng renda ang bibig ng kabayo, ito'y napapasunod natin at napapabaling saanman natin naisin.

4Gayundin ang barko. Kahit na ito'y napakalaki at itinutulak ng malalakas na hangin, naibabaling ito saanman naisin ng piloto sa pamamagitan ng napakaliit na timon.

5Ganyan din ang dila ng tao; maliit na bahagi lamang ng katawan, ngunit napakalaki ng mga ipinagyayabang. Isipin na lamang ninyo kung paano napapalagablab ng isang maliit na apoy ang isang malawak na kagubatan.

6Ang dila ay parang apoy, isang daigdig ng kasamaang nagpaparumi sa ating buong pagkatao. Ang apoy nito ay mula sa impiyerno at sinusunog ang lahat sa buhay ng tao.

7Lahat ng uri ng ibon at hayop na lumalakad, o gumagapang, o nakatira sa tubig ay kayang paamuin, at napaamo na ng tao,

8ngunit wala pang nakakapagpaamo sa dila. Ito ay kasamaang hindi mapigil, at puno ng kamandag na nakamamatay.

9Ito ang ginagamit natin sa pagpupuri sa ating Panginoon at Ama, at ito rin ang ginagamit natin sa panlalait sa taong nilalang na kalarawan ng Diyos.

10Sa iisang bibig nanggagaling ang pagpupuri at panlalait. Hindi ito dapat mangyari, mga kapatid.

11Hindi lumalabas sa iisang bukal ang tubig-tabang at tubig-alat.

12Mga kapatid, hinding-hindi makakapamunga ng olibo ang puno ng igos, o ng igos ang puno ng ubas, at lalong hindi rin bumubukal ang tubig-tabang sa bukal ng tubig-alat.

**Ang Karunungang Mula sa Diyos**

13Sino sa inyo ang marunong at nakakaunawa? Ipakita niya ito sa pamamagitan ng wastong pamumuhay na bunga ng kapakumbabaan at karunungan.

14Ngunit kung ang naghahari sa inyong puso ay inggit at makasariling hangarin, huwag ninyo iyang ipagmalaki at huwag ninyong ikaila ang katotohanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

15Ang ganyang karunungan ay hindi galing sa langit, kundi makalupa, makalaman at mula sa demonyo.

16Sapagkat saanman naghahari ang inggit at makasariling hangarin, naghahari din doon ang kaguluhan at lahat ng uri ng masamang gawa.

17Ngunit ang karunungang mula sa langit, una sa lahat, ay malinis, mapayapa, maamo, mapagbigay, punô ng awa, masaganang namumunga ng mabubuting gawa, hindi nagtatangi at hindi nagkukunwari.

18Namumunga ng katuwiran ang binhi ng kapayapaang itinatanim ng taong maibigin sa kapayapaan.

## Santiago 4

### Kaaway ng Diyos ang Kaibigan ng Sanlibutan

1Saan nanggagaling ang inyong mga alitan at pag-aaway? Hindi ba't nagmumula iyan sa mga pagnanasang naglalaban-laban sa inyong kalooban?

2Mayroon kayong ninanasa ngunit hindi ninyo makamtan, kaya't pumapatay kayo, mapasainyo lamang iyon. May mga bagay na gustung-gusto ninyo ngunit hindi ninyo maangkin, kaya kayo'y nagkakagalit at naglalaban-laban. Hindi ninyo nakakamtan ang inyong ninanais dahil hindi kayo humihingi sa Diyos.

3At humingi man kayo, wala rin kayong natatanggap dahil hindi tama ang inyong layunin. Humihingi kayo upang mapagbigyan ang inyong kalayawan.

4Mga taksil! Hindi ba ninyo alam na kapag nakipagkaibigan kayo sa sanlibutan ay kinakaaway naman ninyo ang Diyos? Ang sinumang nagnanais na maging kaibigan ng sanlibutan ay nagiging kaaway ng Diyos.

5Huwag ninyong akalaing walang kabuluhan ang sinasabi sa kasulatan, “Ang espiritung inilagay ng Diyos sa atin ay punô ng matitinding pagnanasa.”

6Ngunit ang Diyos ay nagbibigay ng higit pang pagpapala. Kaya't sinasabi ng kasulatan, “Ang Diyos ay laban sa mga mapagmataas ngunit pinagpapala niya ang mga mapagpakumbaba.”

7Kaya nga, pasakop kayo sa Diyos. Labanan ninyo ang diyablo at lalayuan niya kayo.

8Lumapit kayo sa Diyos at lalapit siya sa inyo. Hugasan ninyo ang inyong mga kamay, kayong mga makasalanan! Linisin ninyo ang inyong puso, kayong pabagu-bago ang isip.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

9Maghinagpis kayo, umiyak at tumangis! Palitan ninyo ng pagluha ang inyong tawanan, at ng kalungkutan ang inyong kagalakan!

10Magpakumbaba kayo sa harapan ng Panginoon at itataas niya kayo.

### Huwag Humatol sa Kapwa

11Mga kapatid, huwag kayong magsiraan sa isa't isa. Ang naninira o humahatol sa kanyang kapatid ay naninira at humahatol sa Kautusan. At kung hinahatulan mo ang Kautusan, hindi ka na tagasunod ng Kautusan kundi isang hukom nito.

12Ang Diyos lamang ang nagbigay ng Kautusan at siya rin ang hukom. Tanging siya ang may kapangyarihang magligtas at magparusa. Ngunit ikaw, sino ka upang humatol sa iyong kapwa?

### Huwag Magmalaki

13Makinig kayo sa akin, kayong nagsasabi, “Ngayon o bukas ay pupunta kami sa ganito at ganoong bayan at isang taon kaming mananatili roon, mangangalakal kami at kikita nang malaki.”

14Ni hindi nga ninyo alam kung ano ang mangyayari sa inyo sa araw ng bukas! Ang buhay ninyo'y parang usok lamang, sandaling lumilitaw at agad nawawala.

15Sa halip ay sabihin ninyo, “Kung loloobin ng Panginoon, mabubuhay pa kami at gagawin namin ito o iyon.”

16Ngunit kayo'y nagmamalaki at nagyayabang, at iyan ay masama!

17Ang nakakaalam ng mabuti na dapat niyang gawin ngunit hindi ito ginagawa ay nagkakasala.

## Santiago 5

### Babala sa mga Mapang-aping Mayayaman

1Pakinggan ninyo ito, kayong mayayaman! Tumangis kayo at humagulgol dahil sa mga kapighatiang darating sa inyo.

2Bulok na ang inyong mga kayamanan at kinain na ng mapanirang insekto ang inyong mga damit.

3Kinakalawang na ang inyong ginto at pilak, at ang kalawang ding iyon ang magiging katibayan laban sa inyo at parang apoy na tutupok sa inyong laman. Iyan ang kayamanang inimpok ninyo para sa mga huling araw.

4Sumisigaw ang mga manggagawa sa inyong mga bukirin dahil hindi ninyo ibinibigay ang kanilang mga sahod. Umabot na sa pandinig ng Panginoong

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Makapangyarihan sa lahat ang mga hinaing ng mga mang-aani na inyong inapi!

5Nagpasasa kayo sa kalayawan at karangyaan dito sa lupa. Nagpataba kayong parang mga hayop na kakatayin.

6Hinatulan ninyo at ipinapatay ang taong matuwid na hindi lumalaban sa inyo.

**Pagtitiyaga at Pananalangin**

7Kaya nga, mga kapatid, magtiyaga kayo hanggang sa pagdating ng Panginoon. Tingnan ninyo ang magsasaka. Buong tiyaga niyang hinihintay ang mahalagang ani ng kanyang bukirin, at inaabangan ang pagdating ng tag-ulan.

8Dapat din kayong magtiyaga. Tibayan ninyo ang inyong loob sapagkat nalalapit na ang pagdating ng Panginoon.

9Mga kapatid, huwag kayong magreklamo sa isa't isa upang hindi kayo hatulan ng Diyos, sapagkat malapit nang dumating ang Hukom.

10Mga kapatid, tularan ninyo ang mga propetang nagsalita sa pangalan ng Panginoon. Buong tiyaga silang nagtiis ng kahirapan.

11Sinasabi nating pinagpala ang mga nagtitiyaga at nagtitiis. Narinig na ninyo ang tungkol sa pagtitiis ni Job at ang ginawa sa kanya ng Panginoon sa bandang huli. Talagang napakabuti at tunay na mahabagin ang Panginoon.

12Ngunit higit sa lahat, mga kapatid, huwag kayong manunumpa. Huwag ninyong sabihing, “Saksi ko ang langit, o ang lupa, o ang ano pa man.” Sapat nang sabihin ninyo, “Oo” kung oo at “Hindi” kung hindi, upang hindi kayo hatulan ng Diyos.

13May paghihirap ba ang sinuman sa inyo? Manalangin siya. Nagagalak ba ang sinuman? Umawit siya ng papuri sa Diyos.

14May sakit ba ang sinuman sa inyo? Ipatawag ninyo ang matatandang pinuno ng iglesya upang ipanalangin siya at pahiran ng langis sa pangalan ng Panginoon.

15Pagagalingin ng Diyos ang maysakit dahil sa panalanging may pananampalataya; palalakasin siyang muli ng Panginoon. At kung siya'y nagkasala, patatawarin siya sa kanyang mga kasalanan.

16Kaya nga, ipagtapat ninyo sa inyong mga kapatid ang inyong mga kasalanan at ipanalangin ninyo ang isa't isa, upang kayo'y gumaling. Malaki ang nagagawa ng panalangin ng taong matuwid.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Si Elias ay isang tao na tulad din natin; nang mataimtim siyang nanalangin na huwag umulan, hindi nga umulan sa loob ng tatlong taon at anim na buwan.

18At nang siya'y nanalangin para umulan, bumagsak nga ang ulan at namunga ang mga halaman.

19Mga kapatid, kung may kapatid kayong nalilihis ng landas at may isa namang umakay sa kanya upang magsisi,

20ito ang tandaan ninyo: sinumang makapagpabalik sa isang makasalanan mula sa kanyang maling pamumuhay ay nagliligtas ng isang kaluluwa sa kamatayan at nagpapawi ng maraming kasalanan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 1 Pedro

## 1 Pedro 1

1Mula kay Pedro, isang apostol ni Jesu-Cristo— Sa mga hinirang ng Diyos na nakikipamayan sa mga lalawigan ng Ponto, Galacia, Capadocia, Asia, at Bitinia.

2Kayo'y pinili ng Diyos Ama ayon sa kanyang layunin sa mula't mula pa at pinabanal ng Espiritu Santo, upang maging masunurin kay Jesu-Cristo at nilinis sa pamamagitan ng kanyang dugo. Sumagana nawa sa inyo ang kagandahang-loob at kapayapaan.

### Isang Buháy na Pag-asa

3Pasalamatan natin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Dahil sa laki ng habag niya sa atin, tayo'y binigyan niya ng isang panibagong buhay sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo. Ito ang nagbigay sa atin ng isang buháy na pag-asa

4na magmamana tayo ng kayamanang di masisira, walang kapintasan, at di kukupas na inihanda ng Diyos sa langit para sa inyo.

5Sa pamamagitan ng inyong pananampalataya, iniingatan kayo ng kapangyarihan ng Diyos habang hinihintay ninyo ang kaligtasang nakahandang ihayag sa katapusan ng panahon.

6Ito'y dapat ninyong ikagalak, kahit na maaaring magdanas muna kayo ng iba't ibang pagsubok sa loob ng maikling panahon.

7Ang ginto, bagama't nasisira, ay pinapadaan sa apoy upang malaman kung talagang dalisay. Gayundin naman, ang inyong pananampalataya, na higit na mahalaga kaysa ginto, ay sinusubok upang malaman kung ito'y talagang tapat. Sa gayon kayo'y papupurihan, dadakilain at pararangalan sa Araw na mahayag si Jesu-Cristo.

8Hindi ninyo siya nakita ngunit siya'y inibig ninyo. Hindi pa rin ninyo siya nakikita hanggang ngayon, ngunit sumasampalataya kayo sa kanya. Dahil dito'y nag-uumapaw na sa inyong puso ang kagalakang di kayang ilarawan sa salita,

9sapagkat tinatanggap na ninyo ang bunga ng inyong pananampalataya, ang kaligtasan ng inyong buhay.

10Tungkol sa kaligtasang ito masusing nagsiyasat at nagsuri ang mga propetang nagpahayag tungkol sa pagpapalang nakalaan sa inyo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[11]Sinuri nila kung kailan at paano ito mangyayari. Ang panahong ito ang tinutukoy ng Espiritu ni Cristo na nasa kanila nang unang ipahayag nito ang hirap na titiisin ni Cristo at ang karangalang tatamuhin niya.

[12]Nang kanilang ipahayag ang mga katotohanang ito, ipinaunawa sa kanila ng Diyos na ang ginagawa nila ay para sa inyo, at hindi para sa kanila. Ang mga katotohanang ito'y narinig ninyo ngayon sa mga nangangaral ng Magandang Balita sa kapangyarihan ng Espiritu Santo na isinugo mula sa langit. Maging ang mga anghel sa langit ay nanabik na maunawaan ang mga katotohanang ito.

**Paanyaya sa Banal na Pamumuhay**

[13]Kaya nga, ihanda ninyo ang inyong mga isipan para sa dapat ninyong gawin. Maging mahinahon kayo at lubos na umasa sa pagpapalang tatamuhin ninyo kapag nahayag na si Jesu-Cristo.

[14]Bilang masunuring mga anak, huwag kayong umayon sa masasamang pagnanasa tulad ng ginagawa ninyo noong kayo'y wala pang tunay na pagkaunawa.

[15]Dahil ang Diyos na pumili sa inyo ay banal, dapat din kayong magpakabanal sa lahat ng inyong ginagawa,

[16]sapagkat nasusulat, “Magpakabanal kayo, sapagkat ako'y banal.”

[17]Walang kinikilingan ang Diyos. Hinahatulan niya ang mga tao ayon sa mga ginawa nila. At dahil tinatawag ninyo siyang Ama, mamuhay kayong may takot sa kanya habang kayo'y nasa mundong ito.

[18]Alam ninyo kung ano ang ipinantubos sa inyo sa walang kabuluhang pamumuhay na inyong minana sa inyong mga magulang. Tinubos kayo hindi sa pamamagitan ng mga bagay na nasisira, tulad ng ginto o pilak,

[19]kundi sa pamamagitan ng mahalagang dugo ni Cristo. Siya'y tulad ng korderong walang dungis at kapintasan.

[20]Itinalaga siya ng Diyos bago pa nilikha ang daigdig, at alang-alang sa inyo ay ipinahayag sa mga huling araw na ito.

[21]Dahil kay Cristo, sumasampalataya kayo sa Diyos na sa kanya'y muling bumuhay at nagparangal, kaya't ang inyong pananampalataya at pag-asa ay nasa Diyos.

[22]Ngayon nalinis na ninyo ang inyong mga sarili sa pamamagitan ng inyong pagsunod sa katotohanan, at naghahari na sa inyo ang tapat na pagmamahal sa mga kapatid. Kaya, maalab at taos-puso kayong magmahalan.

[23]Sapagkat muli kayong isinilang, hindi sa pamamagitan ng binhing nasisira, kundi sa pamamagitan ng buháy at walang kamatayang salita ng Diyos.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

24Ayon sa kasulatan, “Ang lahat ng tao ay tulad ng damo, gaya ng bulaklak nito ang lahat niyang kariktan. Ang damo ay nalalanta, at ang bulaklak ay kumukupas,

25ngunit ang salita ng Panginoon ay nananatili magpakailanman.” Ang salitang ito ay ang Magandang Balitang ipinangaral sa inyo.

## 1 Pedro 2

### Ang Batong Buháy at ang Bayang Pinili

1Kaya nga, talikuran na ninyo ang lahat ng kasamaan, ang lahat ng pandaraya, pagkukunwari, pagkainggit at paninirang-puri.

2Gaya ng sanggol, kayo'y manabik sa dalisay na gatas na espirituwal upang lumago kayo tungo sa kaligtasan,

3sapagkat “Naranasan na ninyo ang kabutihan ng Panginoon.”

4Lumapit kayo sa kanya, sa batong buháy na itinakwil ng mga tao ngunit pinili ng Diyos at mahalaga sa kanyang paningin.

5Tulad ng mga batong buháy, maging bahagi kayo ng isang templong espirituwal. Bilang mga paring itinalaga para sa Diyos, mag-alay kayo sa Diyos ng mga handog na espirituwal na kalugud-lugod sa kanya sa pamamagitan ni Jesu-Cristo,

6sapagkat sinasabi ng kasulatan, “Tingnan ninyo, inilalagay ko sa Zion ang isang batong-panulukan, pinili at mahalaga; hindi mapapahiya ang sinumang sumasampalataya sa kanya.”

7Kaya nga, mahalaga siya sa inyong mga sumasampalataya sa kanya, ngunit sa mga hindi sumasampalataya, natutupad ang mga ito: “Ang batong itinakwil ng mga tagapagtayo ng bahay ang siyang naging batong-pundasyon.”

8At “Ito ang batong katitisuran ng mga tao, batong ikadadapa nila.” Natisod sila sapagkat hindi sila sumunod sa salita ng Diyos; ganoon ang nakatakda para sa kanila.

9Ngunit kayo ay isang lahing pinili, mga maharlikang pari, isang bansang hinirang, bayang pag-aari ng Diyos, pinili upang magpahayag ng mga kahanga-hangang ginawa niya. Siya ang tumawag sa inyo mula sa kadiliman patungo sa kanyang kahanga-hangang kaliwanagan.

10Kayo'y hindi bayan ng Diyos noon; ngunit ngayon, kayo'y bayang hinirang niya. Noon ay hindi kayo nakatanggap ng habag, ngunit ngayo'y tumanggap na kayo ng kanyang habag.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Maging mga Alipin ng Diyos

11Mga minamahal, nakikiusap ako sa inyo, bilang mga dayuhan at pansamantalang naninirahan lamang sa daigdig na ito, talikuran na ninyo ang mga pagnanasa ng laman na nakikidigma sa inyong mga sarili.

12Mamuhay kayo nang maayos sa gitna ng mga Hentil upang kahit na paratangan nila kayo ng masama, makikita nila ang inyong mabubuting gawa at magpupuri sila sa Diyos sa Araw ng kanyang pagdating.

13Alang-alang sa Panginoon, pasakop kayo sa lahat ng may kapangyarihan sa bayan, sa Emperador, na siyang pinakamataas na kapangyarihan,

14at sa mga gobernador, na isinugo niya upang magparusa sa mga gumagawa ng masama at magparangal sa mga gumagawa ng mabuti.

15Nais ng Diyos na sa pamamagitan ng inyong wastong pamumuhay ay mapatigil ninyo ang mga hangal sa kanilang kamangmangan.

16Mamuhay kayong tulad ng mga taong malaya, subalit huwag ninyong gawing dahilan sa paggawa ng masama ang inyong kalayaan. Sa halip, mamuhay kayo bilang mga alipin ng Diyos.

17Igalang ninyo ang lahat ng tao at mahalin ang mga kapatid kay Cristo. Mamuhay kayo nang may takot sa Diyos. Igalang ninyo ang Emperador.

### Tularan ang Pagtitiis ni Cristo

18Mga alipin, magpasakop kayo sa inyong mga amo at igalang ninyo sila, hindi lamang ang mababait at mapagbigay kundi pati ang malulupit.

19Sapagkat kapuri-puri ang nagtitiis ng parusa kahit walang kasalanan, bilang pagsang-ayon sa kalooban ng Diyos.

20Maipagmamalaki ba ang magtiis ng parusa kung ito ay dahil sa paggawa ng masama? Hindi! Ngunit kung magtiis kayo ng hirap sa kabila ng paggawa ninyo ng mabuti, pagpapalain kayo ng Diyos.

21Ang pagtitiis ng hirap ay bahagi ng pagkatawag sa inyo ng Diyos, sapagkat nang si Cristo ay magtiis para sa inyo, nag-iwan siya sa inyo ng isang halimbawa na dapat ninyong lubos na tularan.

22Hindi siya gumawa ng anumang kasalanan, o nagsinungaling kailanman.

23Nang siya'y insultuhin, hindi siya gumanti ng insulto. Nang siya'y pahirapan, hindi siya nagbanta; sa halip, ipinaubaya niya ang lahat sa Diyos na makatarungan kung humatol.

24Sa kanyang pagkamatay sa krus, pinasan niya ang ating mga kasalanan upang tayo'y mamatay na sa kasalanan at mamuhay nang ayon sa kalooban ng Diyos. Sa pamamagitan ng kanyang mga sugat, kayo'y pinagaling.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

25Sapagkat kayo ay tulad ng mga tupang naligaw, ngunit ngayon kayo'y nanumbalik na upang sumunod sa Pastol at Tagapangalaga ng inyong mga kaluluwa.

## 1 Pedro 3

### Katuruan para sa mga Mag-asawa

1Kayo namang mga babae, pasakop kayo sa inyu-inyong asawa. Sa gayon, kung mayroon sa kanila na hindi pa naniniwala sa salita ng Diyos, mahihikayat din silang sumampalataya dahil sa inyong magandang asal. Kahit hindi na kayo magpaliwanag pa sa kanila,

2sapat nang makita nila ang inyong maka-Diyos at malinis na pamumuhay.

3Ang inyong ganda ay huwag maging panlabas lamang tulad ng pag-aayos ng buhok at pagsusuot ng mga gintong alahas at mamahaling damit.

4Sa halip, pagyamanin ninyo ang kagandahang nakatago sa puso, ang kagandahang walang kupas na likha ng maamo at mapayapang diwa, na lubhang mahalaga sa paningin ng Diyos.

5Iyan ang pagpapagandang ginawa noong unang panahon ng mga babaing banal na umasa sa Diyos. At sila'y nagpasakop sa kanilang mga asawa.

6Tulad ni Sara, sinunod niya at tinawag na panginoon ang asawa niyang si Abraham. Kayo rin ay mapapabilang sa kanyang mga anak kung matuwid ang inyong mga gawa, at kung wala kayong anumang kinatatakutan.

7Kayo namang mga lalaki, unawain ninyo at pakitunguhang mabuti ang inyong asawa, sapagkat sila'y mas mahina. At sila'y kasama ninyong tatanggap ng buhay na kaloob ng Diyos. Gawin ninyo ito upang walang maging sagabal sa inyong mga panalangin.

### Paghihirap Dahil sa Paggawa ng Matuwid

8Sa madaling salita, magkaisa kayo at magdamayan, magmahalan bilang magkakapatid at maging maunawain at mapagpakumbaba.

9Huwag ninyong gantihan ng masama ang masama. Huwag ninyong sumpain ang sumusumpa sa inyo. Sa halip, pagpalain ninyo sila dahil pinili kayo upang tumanggap ng pagpapala ng Diyos.

10Ayon sa nasusulat, “Ang mga nagnanais ng payapa at saganang pamumuhay, dila nila'y pigilan sa pagsasabi ng kasamaan. Ang anumang panlilinlang at madayang pananalita sa kanyang mga labi ay di dapat mamutawi.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Ang masama'y iwasan na, at ang gawin ay ang tama; at ang laging pagsikapan ay buhay na mapayapa.

12Ang mga mata ng Panginoon, sa matuwid nakatuon, ang kanilang panalangin ay kanyang pinakikinggan, ngunit ang masasama ay kanyang sinasalungat."

13At sino naman ang gagawa sa inyo ng masama kung masigasig kayo sa paggawa ng mabuti?

14At sakali mang usigin kayo dahil sa pagsunod sa kalooban ng Diyos, pinagpala kayo! Huwag kayong matakot sa kanila at huwag kayong mabagabag.

15Igalang ninyo si Cristo mula sa inyong puso bilang Panginoon. Lagi kayong maging handang sumagot sa sinumang humihingi ng paliwanag sa inyo tungkol sa pag-asang nasa inyo.

16Ngunit gawin ninyo ito nang mahinahon at may paggalang. Panatilihin ninyong malinis ang inyong budhi upang mapahiya ang mga nanlalait at humahamak sa inyong magandang pag-uugali bilang mga lingkod ni Cristo.

17Higit na mainam ang kayo'y magdusa dahil sa paggawa ng mabuti, sakali mang ito'y ipahintulot ng Diyos, kaysa magdusa kayo dahil sa paggawa ng masama.

18Sapagkat si Cristo na walang kasalanan ay namatay nang minsan para sa inyo na mga makasalanan, upang iharap kayo sa Diyos. Siya'y pinatay sa laman, at muling binuhay sa espiritu.

19Sa kalagayang ito, nagpunta siya at nangaral sa mga espiritung nakabilanggo.

20Sila ang mga espiritung ayaw sumunod noong matiyagang naghihintay ang Diyos nang panahon ni Noe, habang ginagawa nito ang daong. Doon ay iilang tao, walo lamang, ang nakaligtas sa tubig.

21Ang tubig ay larawan ng bautismong nagliligtas sa inyo ngayon. Hindi nito nililinis ang dumi ng katawan; ito'y pangako sa Diyos buhat sa isang malinis na budhi. Inililigtas kayo ng bautismo sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo,

22na umakyat sa langit at ngayo'y nasa kanan ng Diyos. Naghahari siya roon sa mga anghel at sa mga kapangyarihan sa langit.

## 1 Pedro 4

### Ang Panibagong Buhay

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Yamang si Cristo'y nagtiis ng hirap noong siya'y nasa buhay na ito, kayo
man ay dapat maging handang magtiis, sapagkat ang nagtiis na ng hirap sa
buhay na ito ay tumalikod na sa kasalanan.

2Kaya nga mula ngayon ay mamuhay na tayong sumusunod sa kalooban ng
Diyos, at hindi sa pagnanasa ng laman.

3Sapat na ang panahong inaksaya ninyo sa paggawa ng mga bagay na
kinahuhumalingan ng mga Hentil: kahalayan, mga pagnanasa ng laman,
paglalasing, walang habas na pagsasaya, pag-iinuman, at kasuklam-suklam
na pagsamba sa mga diyus-diyosan.

4Nagtataka nga sila kung bakit hindi na kayo sumasama ngayon sa kanilang
magulong pamumuhay kaya kayo'y kinukutya nila,

5ngunit mananagot sila sa Diyos na handang humatol sa mga buháy at sa
mga patay.

6Ipinangaral din ang Magandang Balita sa mga patay upang bagama't sila'y
nahusgahan ayon sa laman gaya ng lahat ng nasa laman, mabubuhay sila
sa espiritu sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.

**Ang Mabuting Pangangasiwa sa mga Kaloob ng Diyos**

7Malapit na ang wakas ng lahat ng bagay, kaya't maging mapagtimpi kayo
at panatilihing malinaw ang inyong pag-iisip upang kayo'y makapanalangin.

8Higit sa lahat, magmahalan kayo nang tapat, sapagkat ang pagmamahal
ay pumapawi ng maraming kasalanan.

9Buksan ninyo para sa isa't isa ang inyong mga tahanan at gawin ninyo ito
nang hindi mabigat sa loob.

10Bilang mabubuting katiwala ng iba't ibang kaloob ng Diyos, gamitin ninyo
sa kapakinabangan ng lahat ang kakayahang tinanggap ng bawat isa sa
inyo.

11Ang nangangaral ay dapat salita ng Diyos ang ipangaral. Ang naglilingkod
ay dapat maglingkod gamit ang lakas na kaloob sa iyo ng Diyos upang sa
lahat ng bagay siya'y papurihan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Sa kanya
ang kapangyarihan at karangalan magpakailanman! Amen.

**Ang Pagtitiis ng Cristiano**

12Mga minamahal, huwag na kayong magtaka sa mabibigat na pagsubok na
inyong dinaranas na para bang ito'y di pangkaraniwan.

13Sa halip, magalak kayo sa inyong pakikibahagi sa mga paghihirap ni Cristo
upang maging lubos ang inyong kagalakan kapag nahayag na ang kanyang
kaluwalhatian.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

14Pinagpala kayo kung kayo'y kinukutya dahil kay Cristo, sapagkat sumasainyo ang Espiritu ng kaluwalhatian, ang Espiritu ng Diyos.

15Huwag nawang mangyaring magdusa ang sinuman sa inyo dahil siya'y mamamatay-tao, magnanakaw, salarin o pakialamero.

16Ngunit kung kayo'y magdusa dahil sa pagiging Cristiano, huwag ninyong ikahiya ito; sa halip, magpasalamat kayo sa Diyos sapagkat taglay ninyo ang pangalan ni Cristo.

17Dumating na ang panahon ng paghuhukom, at ito'y magsisimula sa sambahayan ng Diyos. At kung sa atin ito magsisimula, ano kaya ang magiging wakas ng mga hindi sumusunod sa Magandang Balita ng Diyos?

18Tulad ng sinasabi ng kasulatan, "Kung ang taong matuwid ay napakahirap maligtas, ano kaya ang kahihinatnan ng mga makasalanan at hindi kumikilala sa Diyos?"

19Kaya nga, ang mga nagdurusa ayon sa kalooban ng Diyos ay dapat magtiwala sa Lumikha, at magpatuloy sa paggawa ng mabuti. Ang Diyos ay laging tapat sa kanyang pangako.

# 1 Pedro 5

### Pangangalaga at Pagiging Handa

1Sa matatandang namumuno sa inyo, nananawagan ako bilang isa ring matandang pinuno ng iglesya na tulad ninyo, bilang saksi sa mga paghihirap ni Cristo at sapagkat makakabahagi ako sa karangalang malapit nang ipahayag.

2Pangalagaan ninyo ang kawan ng Diyos na ipinagkatiwala sa inyo. Gawin ninyo ito nang maluwag sa loob at hindi napipilitan lamang. [Iyan ang nais ng Diyos]. Gampanan ninyo ang inyong tungkulin, hindi dahil sa kabayaran kundi dahil gusto ninyong makapaglingkod,

3hindi bilang panginoon ng inyong nasasakupan, kundi maging halimbawa kayo sa kawan.

4At pagparito ng Pinunong Pastol ay tatanggap kayo ng maluwalhating koronang di kukupas kailanman.

5At kayo namang mga kabataan, pasakop kayo sa matatandang pinuno ng iglesya. At kayong lahat ay magpakumbaba sapagkat, "Sinasalungat ng Diyos ang mapagmataas, ngunit pinagpapala niya ang mababang-loob."

6Kaya nga, pasakop kayo sa kapangyarihan ng Diyos at dadakilain niya kayo pagdating ng takdang panahon.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Ipagkatiwala ninyo sa kanya ang inyong mga alalahanin sa buhay sapagkat siya ay nagmamalasakit sa inyo.

8Maging handa kayo at magbantay. Ang diyablo, ang kaaway ninyo, ay parang leong umuungal at aali-aligid na naghahanap ng malalapa.

9Labanan ninyo siya at magpakatatag kayo sa inyong pananampalataya sa Diyos. Tulad ng alam ninyo, hindi lamang kayo ang nagtitiis ng mga kahirapan, kundi gayundin ang inyong mga kapatid sa buong daigdig.

10Pagkatapos ninyong magtiis sa loob ng maikling panahon, ang Diyos, na siyang pinanggagalingan ng lahat ng pagpapala, ang siyang magbibigay sa inyo ng kagalingan, katatagan, at lakas ng loob at isang pundasyong di matitinag. Siya ang tumawag sa inyo upang makibahagi kayo sa kanyang walang hanggang kaluwalhatian, kasama ni Cristo.

11Sa kanya ang kapangyarihan magpakailanman! Amen.

**Pangwakas na Tagubilin**

12Sinulatan ko kayo sa tulong ni Silas, na isa nating kapatid at lubos kong pinagkakatiwalaan. Sa pamamagitan ng maikling sulat na ito ay nais kong palakasin ang inyong loob at magpatotoo na ito nga ang kagandahang-loob ng Diyos. Manatili kayo sa pagpapalang ito.

13Kinukumusta kayo ng mga kapatid na nasa Babilonia, mga pinili ring katulad ninyo; kinukumusta rin kayo ni Marcos, na aking anak sa pananampalataya.

14Magbatian kayo bilang magkakapatid na nagmamahalan. Ang kapayapaan ay sumainyong lahat na mga nakipag-isa kay Cristo.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 2 Pedro

## 2 Pedro 1

1 Mula kay Simon Pedro, isang lingkod at apostol ni Jesu-Cristo— Para sa inyong lahat na tulad nami'y tumanggap ng napakahalagang pananampalatayang mula sa ating makatarungang Diyos at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo.

2 Sumagana nawa sa inyo ang kagandahang-loob at kapayapaan ng Diyos sa pamamagitan ng inyong pagkakilala sa kanya at sa ating Panginoong Jesus.

### Tagubilin sa mga Tinawag at Pinili ng Diyos

3 Tinanggap natin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos ang lahat ng bagay na magtuturo sa atin upang tayo'y mamuhay na maka-Diyos. Ito'y dahil sa ating pagkakilala kay Jesus, na siya ring tumawag sa atin upang bahaginan tayo ng kanyang kaluwalhatian at kadakilaan.

4 Sa paraang ito ay binigyan niya tayo ng mga dakila at napakahalagang pangako upang makaiwas kayo sa nakakasirang pagnanasa sa sanlibutang ito at upang makabahagi tayo sa kanyang likas bilang Diyos.

5 Dahil dito, sikapin ninyong idagdag sa inyong pananampalataya ang kabutihan; sa inyong kabutihan, ang kaalaman;

6 sa inyong kaalaman, ang pagpipigil sa sarili; sa inyong pagpipigil sa sarili, ang katatagan; sa inyong katatagan, ang pagiging maka-Diyos;

7 sa inyong pagiging maka-Diyos, ang pagmamalasakit sa kapatid; at sa inyong pagmamalasakit, ang pag-ibig.

8 Kung ang mga katangiang ito ay taglay ninyo at pinagyayaman, ang inyong pagkakilala sa Panginoong Jesu-Cristo ay hindi mawawalan ng kabuluhan at kapakinabangan.

9 Ngunit kung wala sa inyo ang mga ito, kayo ay parang bulag at hindi nakakakita, at nakalimot na nilinis na kayo sa inyong mga kasalanan.

10 Kaya nga, mga kapatid, lalo kayong maging masigasig upang matiyak ninyo na kayo ay tinawag at pinili ng Diyos. Kung gagawin ninyo ito, hindi kayo matitisod.

11 Sa ganitong paraan, kayo'y malugod na papapasukin sa walang hanggang kaharian ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo.

12 Kaya, kahit na alam na ninyo ang katotohanang inyong tinanggap at matatag na kayo rito, lagi ko pa rin kayong paaalalahanan tungkol dito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

13Minabuti kong sariwain ito sa inyong isipan habang ako'y nabubuhay pa.

14Alam kong malapit ko nang iwan ang katawang ito, ayon sa ipinahayag sa akin ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

15Kaya't gagawin ko ang lahat upang maalala pa rin ninyong lagi ang mga bagay na ito kahit ako'y pumanaw na.

**Ang mga Saksi sa Kadakilaan ni Cristo**

16Ang ipinahayag namin sa inyo tungkol sa kapangyarihan at muling pagparito ng ating Panginoong Jesu-Cristo ay hindi namin ibinatay sa mga alamat na katha lamang ng tao. Nasaksihan ng aming mga mata ang kanyang kadakilaan

17nang tanggapin niya mula sa Ama ang karangalan at kaluwalhatian. Ito'y nangyari nang marinig namin ang tinig mula sa dakilang kaluwalhatian ng langit na nagsabing, “Ito ang minamahal kong Anak na lubos kong kinalulugdan.”

18Narinig namin ito mula sa langit sapagkat kami'y kasama niya nang ito'y maganap sa banal na bundok.

19Kaya naman lalong tumibay ang aming paniniwala sa ipinahayag ng mga propeta. Makakabuti na ito'y pag-ukulan ninyo ng pansin, sapagkat tulad ito sa isang ilaw sa kadiliman na tumatanglaw sa inyo hanggang sa sumikat ang araw ng Panginoon at magliwanag sa inyong mga puso ang bituin sa umaga.

20Higit sa lahat, unawain ninyong walang makapagbibigay ng sariling pagpapakahulugan sa alinmang propesiya sa Kasulatan,

21sapagkat ang pahayag ng mga propeta ay hindi nagmula sa kalooban lamang ng tao; ito'y galing sa Diyos at ipinahayag ng mga taong nasa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

## 2 Pedro 2

**Mga Huwad na Guro**

1Noong una, may mga huwad na propetang lumitaw sa Israel. Gayundin naman, may darating sa gitna ninyo na mga huwad na guro. Lihim silang magtuturo ng mga maling aral na ang dulot ay kapahamakan. Pati ang Panginoong tumubos sa kanila ay kanilang itatakwil, kaya't di magtatagal at sila'y mapapahamak.

2At marami silang mahihikayat na sumunod sa kanilang kahalayan; at dahil dito, pati ang daan ng katotohanan ay malalapastangan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Sa kanilang kasakiman, lilinlangin nila kayo sa pamamagitan ng kanilang aral na kathang-isip lamang. Matagal nang nakahanda ang hatol sa kanila at ang pupuksa sa kanila ay hindi natutulog.

4Hindi pinatawad ng Diyos ang mga anghel na nagkasala. Sila'y itinapon sa impiyerno kung saan sila'y iginapos sa kadiliman upang doon hintayin ang Araw ng Paghuhukom.

5Dahil sa kasalanan ng tao noong unang panahon, ginunaw ng Diyos ang daigdig sa pamamagitan ng baha. Wala siyang iniligtas maliban kay Noe na nangaral tungkol sa matuwid na pamumuhay, at ang pito niyang kasama.

6Sinumpa [at tinupok] ng Diyos ang mga lungsod ng Sodoma at Gomorra upang maging babala sa masasama tungkol sa kanilang kasasapitan.

7Ngunit iniligtas ng Diyos si Lot, isang taong matuwid, na lubhang nababagabag ng mga kahalayang ginagawa ng masasama noong panahon niya.

8Naghirap ang kalooban ng matuwid na taong ito sa kasamaang nasasaksihan niya araw-araw habang siya'y nakatira doon.

9Kaya, alam ng Panginoon kung paano ililigtas mula sa mga pagsubok ang mga tapat sa kanya, at kung paano paparusahan ang masasama hanggang sa araw na sila'y hatulan,

10lalo na ang sumusunod sa mahahalay na pagnanasa ng katawan at ayaw kumilala sa maykapangyarihan. Pangahas at mapagmataas ang mga huwad na gurong ito. Wala silang pakundangan sa mga tagalangit, at sa halip ay nilalapastangan pa nila ang mga ito.

11Samantalang ang mga anghel na higit na malakas at makapangyarihan ay hindi gumamit ng panlalait sa kanilang paghaharap sa Panginoon ng sakdal laban sa mga ito.

12Ang mga taong ito'y parang mga hayop na walang isip at ipinanganak upang hulihin at patayin. Kinakalaban nila ang mga bagay na hindi nila nauunawaan, kaya't papatayin din sila tulad ng maiilap na hayop.

13Pahihirapan sila gaya ng pagpapahirap nila sa iba. Kaligayahan na nila ang hayagang magbigay kasiyahan sa kanilang pagnanasa. Dumadalo pa naman sila sa inyong salu-salo, ngunit kahiya-hiya at kasiraang-puri ang kanilang ginagawa; ikinatutuwa nilang kayo'y kanilang nalilinlang.

14Wala silang hinahanap kundi ang pagkakataong makiapid; wala silang sawa sa paggawa ng kasalanan. Itinutulak pa nila sa pagkakasala ang mahihina. Sila'y mga sakim at sila'y isinumpa!

15Lumihis sila sa matuwid na landas at naligaw. Tinularan nila si Balaam, anak ni Beor na nagpahalaga sa salapi kapalit ng paggawa niya ng masama.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Dahil sa kanyang kasalanan, siya'y sinumbatan ng kanyang asno na nagsalitang parang tao upang siya'y sawayin sa kanyang kabaliwan.

17Ang katulad ng mga huwad na gurong ito ay mga batis na walang tubig, at ulap na itinataboy ng malakas na hangin. Inilaan na ng Diyos para sa kanila ang napakalalim at napakadilim na lugar.

18Sa pamamagitan ng mayayabang na pananalita na panay kahangalan lamang, ginagamit nila ang pagnanasa ng laman upang maakit sa kahalayan ang mga nagsisimula pa lamang lumayo sa mga taong namumuhay nang may kalikuan.

19Ipinapangako nila ang kalayaan, subalit sila mismo ay alipin ng kasamaan, sapagkat ang tao ay alipin ng anumang dumadaig sa kanya.

20Sapagkat kung nakatakas na sa kasamaan ng sanlibutan ang mga taong kumilala kay Jesu-Cristo na Panginoon at Tagapagligtas, ngunit muli silang maakit sa dating masamang gawain at tuluyang mahulog dito, ang magiging kalagayan nila ay masahol pa sa dati.

21Mabuti pang hindi na nila nalaman ang daang matuwid, kaysa pagkatapos malaman ang banal na utos na itinuro sa kanila ay talikuran nila ito.

22Ang nangyari sa kanila ay nagpapatunay na totoo ang mga kasabihang: “Ang aso pagkatapos sumuka ay muling kinakain ang nailuwa na,” at, “Ang baboy na pinaliguan ay bumabalik sa putikan.”

## 2 Pedro 3

### Ang Pangakong Pagdating ng Panginoon

1Mga minamahal, ito ang ikalawang sulat ko sa inyo. Sa dalawang sulat na ito ay sinikap kong gisingin ang malinis ninyong isipan sa pamamagitan ng pagpapaalala ng ilang mga bagay.

2Alalahanin ninyo ang mga sinabi noon ng mga banal na propeta at ang utos na ibinigay sa inyo ng Panginoon at Tagapagligtas sa pamamagitan ng mga apostol na isinugo sa inyo.

3Una sa lahat, dapat ninyong malaman na sa mga huling araw ay pagtatawanan kayo ng mga taong namumuhay ayon sa sarili nilang pagnanasa.

4Sasabihin nila, “Nangako siyang darating, hindi ba? Nasaan na siya? Namatay na ang ating mga ninuno ngunit wala pa ring pagbabago buhat nang likhain ang mundong ito.”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Sinasadya nilang hindi pahalagahan ang katotohanang ang langit at lupa ay nilikha ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang salita. Nilikha ang lupa buhat sa tubig at sa pamamagitan ng tubig.

6Sa pamamagitan din ng tubig—ng Malaking Baha—ginunaw ang daigdig nang panahong iyon.

7Sa pamamagitan din ng salitang iyon ay nananatili ang mga langit at ang lupa upang tupukin sa apoy pagdating ng Araw ng Paghuhukom at pagpaparusa sa masasama.

8Mga minamahal, huwag ninyong kalilimutan na sa Panginoon, ang isang araw ay tulad ng sanlibong taon, at ang sanlibong taon ay tulad ng isang araw lamang.

9Ang Panginoon ay hindi nagpapabaya sa kanyang pangako gaya ng inaakala ng ilan. Sa halip, nagbibigay siya ng pagkakataon sa lahat sapagkat hindi niya nais na may mapahamak, kundi ang lahat ay makapagsisi at tumalikod sa kasalanan.

10Ngunit ang Araw ng Panginoon ay darating tulad ng isang magnanakaw. Sa araw na iyon, ang kalangitan ay biglang mawawala kasabay ng isang malakas na ugong. Matutupok ang araw, buwan at mga bituin. Ang mundo at ang lahat ng mga bagay na naririto ay mawawala.

11At dahil ganito ang magiging wakas ng lahat ng bagay, mamuhay kayo nang may kabanalan at sikapin ninyong maging maka-Diyos

12habang hinihintay ninyo ang Araw ng Diyos. Magsikap kayong mabuti upang dumating agad ang araw na ang kalangitan ay matutupok at ang mga bagay na naroroon ay matutunaw sa matinding init.

13Subalit ayon sa pangako ng Diyos, naghihintay tayo ng bagong langit at ng bagong lupa na paghaharian ng katuwiran.

14Kaya nga, mga minamahal, habang naghihintay kayo, sikapin ninyong kayo'y madatnang namumuhay nang mapayapa, walang dungis at walang kapintasan.

15Isipin ninyong kaya nagtitimpi ang Panginoon ay upang bigyan kayo ng pagkakataong maligtas. Iyan ang isinulat sa inyo ng kapatid nating si Pablo, taglay ang karunungang kaloob sa kanya ng Diyos.

16Sa lahat ng sulat niya tungkol sa paksang ito, ganito ang lagi niyang paalala. May ilang bahagi sa kanyang mga sulat ay mahirap unawain, at binibigyan ng maling kahulugan ng mga mangmang at maguguló ang pag-iisip. Ganyan din ang kanilang ginagawa sa ibang mga Kasulatan, kaya nga't ipinapahamak nila ang kanilang sarili.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Ngayong ito'y alam na ninyo, mga kapatid, dapat kayong mag-ingat upang huwag kayong mailigaw ng mga taong walang sinusunod na batas. Sa gayon, hindi kayo matitinag sa inyong mabuting kalagayan.

18Sa halip, patuloy kayong lumago sa kagandahang-loob ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo, at sa pagkakilala sa kanya. Sa kanya ang kaluwalhatian, ngayon at magpakailanman! Amen.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 1 Juan

## 1 Juan 1

### Ang Salitang Nagbibigay-buhay

1Sumusulat kami sa inyo tungkol sa kanya na sa simula pa'y siya na, ang Salitang nagbibigay-buhay. Siya ay aming narinig at nakita, napagmasdan at nahawakan.

2Nahayag ang buhay na ito, nakita namin siya, at pinapatotohanan namin at ipinapangaral sa inyo ang buhay na walang hanggan na kasama ng Ama, at nahayag sa amin.

3Ipinapahayag nga namin sa inyo ang aming nakita't narinig upang makasama kayo sa aming pakikiisa sa Ama at sa kanyang Anak na si Jesu-Cristo.

4Isinusulat namin ito upang malubos ang aming kagalakan.

### Mamuhay Ayon sa Liwanag

5Ito ang aming narinig sa kanyang Anak at ipinapahayag naman namin sa inyo: ang Diyos ay liwanag at walang anumang kadiliman sa kanya.

6Kung sinasabi nating tayo'y may pakikiisa sa kanya ngunit namumuhay naman tayo sa kadiliman, nagsisinungaling tayo at hindi namumuhay ayon sa katotohanan.

7Ngunit kung namumuhay tayo sa liwanag, gaya niya na nasa liwanag, tayo'y nagkakaisa at ang lahat ng ating kasalanan ay nililinis ng dugo ni Jesus na kanyang Anak.

8Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, dinadaya natin ang ating sarili at wala sa atin ang katotohanan.

9Subalit kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, patatawarin tayo ng Diyos sa mga ito, at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasalanan, sapagkat siya'y tapat at matuwid.

10Kung sinasabi nating hindi tayo nagkasala, ginagawa nating sinungaling ang Diyos, at wala sa atin ang kanyang salita.

## 1 Juan 2

### Si Cristo ang Ating Tagapagtanggol

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Mga anak, isinusulat ko ito sa inyo upang huwag kayong magkasala. Ngunit kung magkasala ang sinuman, may Tagapagtanggol tayo sa Ama, si Jesu-Cristo, ang matuwid.

2Si Cristo ang handog sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, hindi lamang ang ating mga kasalanan, kundi maging ang kasalanan ng lahat ng tao.

3Nakakatiyak tayong nakikilala natin ang Diyos kung sinusunod natin ang kanyang mga utos.

4Ang nagsasabing, "Nakikilala ko siya," ngunit hindi naman sumusunod sa kanyang mga utos ay sinungaling, at wala sa kanya ang katotohanan.

5Ngunit ang tumutupad sa salita ng Diyos ay umiibig nang wagas sa Diyos. Sa ganito, nalalaman natin na tayo'y talagang nasa kanya.

6Sinumang nagsasabing nananatili siya sa Diyos ay dapat mamuhay tulad ng pamumuhay ni Jesu-Cristo.

**Ang Bagong Utos**

7Mga minamahal, hindi isang bagong utos ang isinusulat ko sa inyo, kundi ang dating utos na nasa inyo sa simula pa. Ito'y ang mensaheng narinig na ninyo.

8Ngunit, maituturing na isang bagong utos ang isinusulat ko sa inyo; sapagkat napapawi na ang kadiliman at lumiliwanag na ang tunay na ilaw. Ang katotohanan nito'y nasaksihan sa buhay ni Cristo at nakikita rin naman sa atin.

9Ang nagsasabing siya'y nasa liwanag ngunit napopoot sa kanyang kapatid ay nasa kadiliman pa.

10Ang umiibig sa kanyang kapatid ay nananatili sa liwanag, at hindi siya magiging sanhi ng pagkakasala ng iba.

11Ngunit ang napopoot sa kanyang kapatid ay nasa kadiliman pa. Lumalakad siya sa kadiliman at hindi niya nalalaman ang kanyang pupuntahan, sapagkat binulag siya ng kadiliman.

12Sumusulat ako sa inyo, mga anak, sapagkat pinatawad na ang inyong mga kasalanan alang-alang sa kanyang pangalan.

13Sumusulat ako sa inyo, mga ama, sapagkat kilala ninyo siya, na sa simula pa'y siya na. Sumusulat ako sa inyo, mga kabataan, sapagkat napagtagumpayan na ninyo ang Masama.

14Sumusulat ako sa inyo, mga anak, sapagkat kilala ninyo ang Ama. Sumusulat ako sa inyo, mga ama, sapagkat kilala ninyo siya, na sa simula pa'y siya na. Sumusulat ako sa inyo, mga kabataan, sapagkat malalakas

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

kayo; nananatili sa inyo ang salita ng Diyos, at napagtagumpayan na ninyo ang Masama.

15Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan o ang mga bagay na nasa sanlibutan. Ang umiibig sa sanlibutan ay hindi umiibig sa Ama.

16Ang lahat ng nasa sanlibutan, ang pagnanasa ng laman, ang pagnanasa ng mga mata, at ang pagmamalaki sa buhay na ito ay hindi nagmumula sa Ama kundi sa sanlibutan.

17Mawawala ang sanlibutan at ang lahat ng mga bagay na pinagnanasaan ng mga tao, ngunit ang mga sumusunod sa kalooban ng Diyos ay mabubuhay magpakailanman.

**Ang Kaaway ni Cristo**

18Mga anak, ito na ang huling panahon! Tulad ng inyong narinig, darating ang kaaway ni Cristo. Ngayon nga'y marami nang lumilitaw na mga kaaway ni Cristo, kaya't alam nating malapit na ang wakas.

19Kahit na sila'y mga dati nating kasamahan, ang mga taong iyon ay hindi natin tunay na kasama. Sapagkat kung sila'y tunay na atin, nanatili sana silang kasama natin. Ngunit umalis sila upang maging maliwanag na silang lahat ay hindi tunay na kasama natin.

20Ngunit ipinagkaloob na sa inyo ang Espiritu Santo, at dahil dito, alam na ninyo ang buong katotohanan.

21Sumusulat ako sa inyo, hindi dahil sa hindi ninyo alam ang katotohanan, kundi dahil alam na ninyo ito, at alam din ninyong walang kasinungalingang nagmumula sa katotohanan.

22Sino nga ba ang sinungaling? Hindi ba't siya na nagsasabing si Jesus ay hindi ang Cristo? Ang mga nagsasabi nito ay kaaway ni Cristo; hindi nila pinaniniwalaan ang Ama at ang Anak.

23Ang hindi kumikilala sa Anak ay hindi rin kumikilala sa Ama. Ang kumikilala sa Anak ay kumikilala rin sa Ama.

24Pakaingatan ninyo sa inyong puso ang narinig ninyo sa simula pa. Kung gagawin ninyo ito, mananatili kayo sa Anak at sa Ama.

25At ito naman ang ipinangako sa atin ni Cristo, ang buhay na walang hanggan.

26Isinusulat ko sa inyo ito upang bigyan kayo ng babala laban sa mga taong nagnanais na iligaw kayo.

27Gayunpaman, ang Espiritu'y ipinagkaloob na ni Cristo sa inyo. At habang ang Espiritu'y nananatili sa inyo, hindi ninyo kakailanganing turuan pa kayo ng iba. Ang Espiritu ang nagtuturo sa inyo tungkol sa lahat ng bagay. Lahat

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ng itinuturo niya ay totoo, at walang bahid ng kasinungalingan. At tulad ng itinuro ng Espiritu, manatili kayo kay Cristo.

28Kaya nga, mga anak, manatili kayo sa kanya upang maging panatag ang ating loob sa muling pagparito niya, at nang hindi tayo mahiya sa kanya sa araw na iyon.

29Kung alam ninyong si Cristo'y masunurin sa kalooban ng Diyos, dapat din ninyong malaman na ang bawat sumusunod sa kalooban ng Diyos ay anak ng Diyos.

## 1 Juan 3

### Ang mga Anak ng Diyos

1Tingnan ninyo kung gaano kalaki ang pag-ibig sa atin ng Ama! Tinatawag tayong mga anak ng Diyos, at iyon nga ang totoo. Ang dahilan kung bakit hindi tayo nakikilala ng mga makasanlibutan ay hindi nila kinikilala ang Diyos.

2Mga minamahal, mga anak na tayo ng Diyos ngayon, ngunit hindi pa nahahayag ang magiging kalagayan natin. Ngunit alam nating sa pagdating ni Cristo, tayo'y magiging katulad niya, sapagkat makikita natin kung sino talaga siya.

3Kaya't ang sinumang may ganitong pag-asa kay Cristo ay nagsisikap na maging malinis tulad niyang malinis.

4Ang bawat nagkakasala ay lumalabag sa kautusan ng Diyos, sapagkat ang kasalanan ay paglabag sa kautusan.

5Nalalaman ninyong naparito si Cristo upang pawiin ang ating mga kasalanan, at siya'y walang kasalanan.

6Ang nananatili sa kanya ay hindi nagpapatuloy sa pagkakasala. Ang sinumang nagpapatuloy sa pagkakasala ay hindi nakakita ni nakakilala man sa kanya.

7Mga anak, huwag kayong palinlang kaninuman! Ang sinumang gumagawa ng matuwid ay matuwid tulad ni Cristo.

8Ang nagpapatuloy sa pagkakasala ay kampon ng diyablo, sapagkat sa simula pa'y nagkakasala na ang diyablo. Kaya't naparito ang Anak ng Diyos upang wasakin ang mga gawa ng diyablo.

9Ang mga anak ng Diyos ay hindi nagpapatuloy sa pagkakasala, sapagkat nananatili sa kanila ang binhing mula sa Diyos. At dahil ang Diyos ang ama nila, hindi sila maaaring magpatuloy sa pagkakasala.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Dito natin makikilala kung sino ang mga anak ng Diyos at kung sino ang mga anak ng diyablo: ang sinumang hindi gumagawa ng ayon sa kalooban ng Diyos at hindi umiibig sa kanyang kapatid ay hindi anak ng Diyos.

**Magmahalan Tayo**

11Ito ang mensaheng narinig na ninyo sa simula pa: magmahalan tayo.

12Huwag tayong tumulad kay Cain na kampon ng diyablo. Pinaslang niya ang kanyang kapatid. Bakit? Sapagkat masama ang kanyang mga gawa, ngunit matuwid ang mga gawa ng kanyang kapatid.

13Kaya, mga kapatid, huwag kayong magtaka kung kinapopootan kayo ng sanlibutan.

14Nalalaman nating lumipat na tayo sa buhay mula sa kamatayan, sapagkat iniibig natin ang mga kapatid. Ang hindi umiibig ay nananatili sa kamatayan.

15Mamamatay-tao ang napopoot sa kanyang kapatid, at nalalaman ninyong ang buhay na walang hanggan ay wala sa mamamatay-tao.

16Dito natin nalalaman ang pag-ibig: inialay ni Cristo ang kanyang buhay para sa atin. Kaya't dapat din nating ialay ang ating buhay para sa mga kapatid.

17Kapag nakita ng isang maykaya sa buhay ang kanyang kapatid na nangangailangan, at pinagkaitan niya ito ng tulong, masasabi bang siya'y umiibig sa Diyos?

18Mga anak, huwag tayong magmahal sa pamamagitan ng salita lamang, kundi patunayan natin ito sa pamamagitan ng gawa.

**Panatag na Kalooban at Pananatili sa Diyos**

19Dito nga natin matitiyak na tayo'y nasa panig ng katotohanan, at matatahimik ang ating budhi sa harapan ng Diyos

20sakali mang tayo'y usigin nito. Sapagkat ang Diyos ay higit sa ating budhi, at alam niya ang lahat ng bagay.

21Mga minamahal, kung hindi tayo inuusig ng ating budhi, makakalapit tayo sa Diyos na panatag ang ating kalooban.

22Tinatanggap natin ang anumang ating hilingin sa kanya dahil sinusunod natin ang kanyang mga utos at ginagawa ang nakalulugod sa kanya.

23Ito ang kanyang utos: sumampalataya tayo sa kanyang Anak na si Jesu-Cristo, at magmahalan tayo gaya ng iniutos ni Cristo sa atin.

24Ang sumusunod sa mga utos ng Diyos ay nananatili sa Diyos, at nananatili naman sa kanya ang Diyos. At nalalaman nating nananatili siya sa atin sa pamamagitan ng Espiritung ipinagkaloob niya sa atin.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 1 Juan 4

### Makikilala ang Espiritung Mula sa Diyos

1Mga minamahal, huwag ninyong paniwalaan ang bawat nagsasabing nasa kanila ang Espiritu. Sa halip, subukin ninyo sila upang malaman kung talagang mula sa Diyos ang espiritung nasa kanila, sapagkat marami nang huwad na propeta sa mundong ito.

2Ito ang palatandaan na ang Espiritu ng Diyos nga ang nasa kanila: kung ipinapahayag nila na si Jesu-Cristo ay dumating bilang tao.

3Kung hindi gayon ang kanilang ipinapahayag tungkol kay Jesus, hindi mula sa Diyos ang espiritung nasa kanila. Ang espiritu ng Kaaway ni Cristo ang nasa kanila. Narinig na ninyong ito'y darating at ngayon nga'y nasa sanlibutan na.

4Mga anak, kayo nga'y sa Diyos at napagtagumpayan na ninyo ang mga huwad na propeta, sapagkat ang Espiritung nasa inyo ay mas makapangyarihan kaysa espiritung nasa mga makasanlibutan.

5Sila'y makasanlibutan, kaya't mula rin sa sanlibutan ang itinuturo nila, at nakikinig sa kanila ang mga makasanlibutan.

6Ngunit tayo'y sa Diyos. Ang sinumang kumikilala sa Diyos ay nakikinig sa atin; ngunit hindi nakikinig sa atin ang sinumang hindi sa Diyos. Sa ganito nga natin nakikilala ang Espiritu ng katotohanan at ang espiritu ng kasinungalingan.

### Ang Diyos ay Pag-ibig

7Mga minamahal, mag-ibigan tayo sapagkat mula sa Diyos ang pag-ibig. Ang bawat umiibig ay anak ng Diyos at kumikilala sa Diyos.

8Ang hindi umiibig ay hindi kumikilala sa Diyos, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig.

9Inihayag ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang isugo niya sa mundo ang kanyang kaisa-isang Anak upang magkaroon tayo ng buhay sa pamamagitan niya.

10Ito ang pag-ibig: hindi sa inibig natin ang Diyos, kundi tayo ang inibig niya at isinugo niya ang kanyang Anak upang maging handog para mapatawad ang ating mga kasalanan.

11Mga minamahal, kung ganoon kadakila ang pag-ibig ng Diyos sa atin, dapat din tayong magmahalan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Kailanma'y wala pang taong nakakita sa Diyos, ngunit kung tayo'y nagmamahalan, nasa atin ang Diyos at nagiging ganap sa atin ang kanyang pag-ibig.

13Nalalaman nating nananatili tayo sa Diyos at siya naman sa atin, sapagkat pinagkalooban niya tayo ng kanyang Espiritu.

14Nakita namin at pinapatotohanang isinugo ng Ama ang kanyang Anak upang iligtas ang sanlibutan.

15Ang nagpapahayag na si Jesus ang Anak ng Diyos ay nananatili sa Diyos, at ang Diyos nama'y nananatili sa kanya.

16Nalalaman nating tayo'y iniibig ng Diyos at lubos tayong nananalig sa katotohanang ito. Ang Diyos ay pag-ibig. Ang nagpapatuloy sa pag-ibig ay nananatili sa Diyos, at ang Diyos ay nananatili naman sa kanya.

17Ang pag-ibig ay nagiging ganap sa atin kaya't panatag ang ating kalooban para sa Araw ng Paghuhukom, sapagkat tayo'y tulad ni Cristo, kahit nasa daigdig pang ito.

18Walang kasamang takot ang pag-ibig at pinapawi ng ganap na pag-ibig ang anumang takot. Hindi pa ganap ang pag-ibig ng sinumang natatakot, sapagkat ang takot ay kaugnay ng parusa.

19Tayo'y umiibig sapagkat ang Diyos ang unang umibig sa atin.

20Ang nagsasabing, "Iniibig ko ang Diyos," subalit napopoot naman sa kanyang kapatid ay sinungaling. Kung ang kapatid na kanyang nakikita ay hindi niya magawang ibigin, paano niya maiibig ang Diyos na hindi niya nakikita?

21Ito ang utos na ibinigay sa atin ni Cristo: ang umiibig sa Diyos ay dapat ding umibig sa kanyang mga kapatid.

## 1 Juan 5

### Napagtagumpayan Natin ang Sanlibutan

1Ang bawat sumasampalataya na si Jesus ang siyang Cristo ay anak ng Diyos. At ang sinumang umiibig sa ama ay umiibig din sa anak.

2Ito ang palatandaang iniibig natin ang mga anak ng Diyos: kung iniibig natin ang Diyos at tinutupad ang kanyang mga utos,

3sapagkat ang tunay na pag-ibig sa Diyos ay ang pagtupad sa kanyang mga utos. Hindi naman napakahirap sundin ang kanyang mga utos,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4sapagkat napapagtagumpayan ng mga anak ng Diyos ang sanlibutan; at nagtatagumpay tayo sa pamamagitan ng pananampalataya.

5Sino ang nagtatagumpay laban sa sanlibutan? Ang sumasampalataya na si Jesus ang Anak ng Diyos.

### Ang Patotoo tungkol kay Jesu-Cristo

6Si Jesu-Cristo ang naparito sa pamamagitan ng tubig at ng dugo. Hindi sa pamamagitan ng tubig lamang kundi sa pamamagitan ng tubig at dugo. Ang Espiritu ang nagpapatotoo tungkol dito, sapagkat ang Espiritu ay katotohanan.

7-8Tatlo ang nagpapatotoo [sa langit: ang Ama, ang Salita, at ang Espiritu Santo; at ang tatlong ito'y iisa. At mayroong tatlong nagpapatotoo sa lupa:] ang Espiritu, ang tubig, at ang dugo; at ang tatlong ito ay nagkakaisa.

9Kung pinaniniwalaan natin ang patotoo ng mga tao, higit nating dapat paniwalaan ang patotoo ng Diyos, at ito ang patotoo ng Diyos tungkol sa kanyang Anak.

10Ang sumasampalataya sa Anak ng Diyos ay nagtataglay ng patotoong ito sa kanilang puso. Ang sinumang hindi sumampalataya sa Diyos ay ginagawang sinungaling ang Diyos, sapagkat hindi siya naniwala sa patotoo ng Diyos tungkol sa kanyang Anak.

11At ito ang patotoo: ipinagkaloob sa atin ng Diyos ang buhay na walang hanggan at ito'y makakamtan natin sa pamamagitan ng kanyang Anak.

12Kung ang Anak ng Diyos ay nasa isang tao, mayroon siyang buhay na walang hanggan; ngunit kung wala sa kanya ang Anak ng Diyos ay wala siyang buhay na walang hanggan.

### Ang Buhay na Walang Hanggan

13Isinusulat ko ito sa inyo upang malaman ninyo na kayong sumasampalataya sa Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggan.

14May lakas-loob tayong lumapit sa kanya dahil alam nating ibibigay niya ang anumang hingin natin kung ito'y naaayon sa kanyang kalooban.

15At dahil alam nating pinapakinggan nga niya tayo, alam din nating ibinibigay niya ang bawat hinihiling natin sa kanya.

16Kung makita ninuman na ang kanyang kapatid ay gumagawa ng kasalanang hindi hahantong sa kamatayan, ipanalangin niya ang kapatid na iyon sa Diyos na magbibigay sa taong iyon ng bagong buhay. Ito'y para sa mga kapatid na ang kasalanan ay hindi humahantong sa kamatayan. May kasalanang hahantong sa kamatayan, at hindi ko sinasabing idalangin ninyo ang sinumang gumagawa nito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17Ang lahat ng gawaing di matuwid ay kasalanan, ngunit may kasalanang hindi hahantong sa kamatayan.

18Alam nating ang mga anak ng Diyos ay hindi nagpapatuloy sa pagkakasala, sapagkat iniingatan sila ng Anak ng Diyos, at hindi sila maaaring galawin ng diyablo.

19Alam nating tayo'y sa Diyos, kahit na ang buong sanlibutan ay nasa kapangyarihan ng diyablo.

20At nalalaman nating naparito na ang Anak ng Diyos at binigyan niya tayo ng pang-unawa upang makilala natin ang tunay na Diyos, at tayo'y nasa tunay na Diyos, sa kanyang Anak na si Jesu-Cristo. Siya ang tunay na Diyos at buhay na walang hanggan.

21Mga anak, lumayo kayo sa mga diyus-diyosan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 2 Juan

## 2 Juan 1

1Mula sa Matandang pinuno ng iglesya— Para sa hinirang na Ginang at sa kanyang mga anak, na tunay kong minamahal. Hindi lamang ako kundi ang lahat ng nakakaalam ng katotohanan ay nagmamahal sa inyo,

2sapagkat ang katotohanan ay nasa atin ngayon at magpakailanman.

3Sa pamamagitan ng katotohanan at pag-ibig, ipagkakaloob sa atin ng Diyos Ama at ni Jesu-Cristo na Anak niya, ang pagpapala, habag, at kapayapaan.

**Ang Katotohanan at ang Pag-ibig**

4Labis akong nagalak nang makita ko ang ilan sa iyong mga anak na namumuhay ayon sa katotohanan, alinsunod sa utos ng Ama sa atin.

5At ngayon, Ginang, hinihiling ko sa iyo na magmahalan tayong lahat. Hindi ito bagong utos kundi isang dating utos na sa simula pa'y nasa atin na.

6At ganito ang pag-ibig na binabanggit ko: mamuhay tayo nang ayon sa mga utos ng Diyos. Ito ang utos na ibinigay sa inyo noon pang una: mamuhay kayo nang may pag-ibig.

7Sapagkat nagkalat sa sanlibutan ang mga mandaraya! Ayaw nilang kilalanin na si Jesu-Cristo'y dumating bilang tao. Ang ganoong tao ay mandaraya at kaaway ni Cristo.

8Mag-ingat nga kayo upang huwag mawalang saysay ang aming pinagpaguran, sa halip ay lubusan ninyong makamtan ang gantimpala.

9Ang hindi nananatili sa turo ni Cristo kundi nagdaragdag dito, ay wala sa kanya ang Diyos. Sinumang nananatili sa turo ni Cristo ay nasa kanya ang Ama at ang Anak.

10Sinumang dumating sa inyo na ibang turo ang dala ay huwag ninyong tanggapin sa inyong bahay, ni huwag ninyong batiin,

11sapagkat ang bumabati sa kanya ay nagiging kaisa niya sa masamang gawain.

**Panghuling Pananalita**

12Marami pa sana akong sasabihin sa inyo, ngunit ayaw ko nang gumamit ng papel at tinta. Sa halip, ako'y umaasang makapunta diyan at makausap kayo nang personal upang malubos ang ating kagalakan.

13Kinukumusta ka ng mga anak ng iyong kapatid na babae na hinirang.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# 3 Juan

## 3 Juan 1

1Mula sa Matandang pinuno ng iglesya— Para kay Gayo na lubos kong minamahal.

2Mahal kong kaibigan, idinadalangin kong ikaw sana'y nasa mabuting kalagayan at malusog ang katawan, tulad ng iyong buhay espirituwal.

3Tuwang-tuwa ako nang dumating ang ilang kapatid at ibalitang ikaw ay tapat sa katotohanan at talagang namumuhay ayon dito.

4Wala nang higit na makapagpapaligaya sa akin kundi ang marinig ang balitang namumuhay ayon sa katotohanan ang aking mga anak.

**Pinarangalan si Gayo**

5Mahal kong kaibigan, tapat ang iyong paglilingkod sa mga kapatid, kahit sa mga hindi mo kilala.

6May mga nagbalita sa iglesya rito tungkol sa iyong pag-ibig. Sana'y tulungan mo sila sa kanilang paglalakbay, gaya ng nararapat gawin sa mga lingkod ng Diyos,

7sapagkat naglalakbay sila sa pangalan ni Cristo at hindi tumatanggap ng anumang tulong mula sa mga hindi sumasampalataya sa Diyos.

8Dapat natin silang tulungan upang tayo'y makabahagi sa kanilang gawain para sa katotohanan.

**Si Diotrefes at si Demetrio**

9Sumulat ako sa iglesya subalit hindi kami kinilala ni Diotrefes; ang hangad niya'y siya ang kilalaning pinuno.

10Kaya't pagpunta ko diyan, uungkatin ko ang lahat ng ginawa niya at ang mga kasinungalingang sinabi niya laban sa amin. At hindi pa siya nasiyahan doon; ayaw niyang tanggapin ang mga kapatid na dumarating at hinahadlangan pa niya at pinapalayas sa iglesya ang mga nais tumanggap sa mga iyon.

11Minamahal, huwag mong tularan ang masama. Sa halip, tularan mo ang mabuti, sapagkat ang gumagawa ng mabuti ay sa Diyos; ang gumagawa ng masama ay hindi pa nakakita sa Diyos.

12Mabuti ang sinasabi ng lahat tungkol kay Demetrio, at iyan din ang patotoo ng katotohanan tungkol sa kanya. Iyan din ang aming patotoo, at alam mong totoo ang sinasabi namin.

**Pangwakas**

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

13Marami pa sana akong sasabihin sa iyo, ngunit ayaw ko nang gumamit ng panulat at tinta.

14Inaasahan kong magkikita tayo at makakapag-usap sa lalong madaling panahon.

15Sumaiyo nawa ang kapayapaan. Kinukumusta ka ng ating mga kaibigan dito. Isa-isa mong batiin ang lahat ng ating mga kaibigan diyan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Judas

## Judas 1

1 Mula kay Judas, lingkod ni Jesu-Cristo at kapatid ni Santiago— Para sa mga tinawag ng Diyos, mga namumuhay sa pag-ibig ng Diyos Ama at iniingatan ni Jesu-Cristo.

2 Sumagana nawa sa inyo ang habag, kapayapaan at pag-ibig.

### Ang mga Huwad na Guro

3 Mga minamahal, ang nais ko sanang isulat sa inyo'y ang tungkol sa kaligtasang tinatamasa nating lahat, ngunit nakita kong ang kailangang isulat sa inyo'y isang panawagan na inyong ipaglaban ang pananampalatayang ipinagkaloob minsan at magpakailanman sa mga banal,

4 sapagkat lihim na nakapasok sa inyong samahan ang ilang taong ayaw kumilala sa Diyos. Binabaluktot nila ang aral tungkol sa kagandahang-loob ng Diyos upang mabigyang katuwiran ang kanilang kahalayan. Ayaw nilang kilalanin si Jesu-Cristo, ang ating kaisa-isang Pinuno at Panginoon. Noon pa mang una, sinabi na ng kasulatan ang parusang nakalaan sa kanila.

5 Kahit na alam na ninyo ang lahat ng ito, nais ko pa ring ipaalala sa inyo na matapos iligtas ng Panginoon ang bansang Israel sa lupain ng Egipto, pinuksa niya ang mga taong hindi nanalig sa kanya.

6 Alalahanin din ninyo ang mga anghel na hindi nanatili sa kanilang dating kalagayan at kapangyarihan, sa halip ay iniwan ang kanilang tahanan. Kaya't sila'y ginapos ng Diyos ng di mapapatid na tanikala at ibinilanggo sa malalim na kadiliman, hanggang sa sila'y hatulan sa dakilang Araw ng Paghuhukom.

7 Alalahanin din ninyo na ang Sodoma at Gomorra at mga karatig-lungsod ay nalulong sa kahalayan at di-likas na pagnanasa ng laman, kaya't sila'y pinarusahan sa apoy na hindi namamatay bilang babala sa lahat.

8 Ganyan din ang mga taong ito, dahil sa kanilang mga pangitain ay dinudungisan nila ang kanilang sariling katawan, hinahamak nila ang maykapangyarihan at nilalait ang mariringal na anghel.

9 Kahit si Miguel na pinuno ng mga anghel, nang makipagtalo siya sa diyablo tungkol sa bangkay ni Moises, ay hindi nangahas gumamit ng paglapastangan. Ang tanging sinabi niya ay, “Parusahan ka nawa ng Panginoon!”

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Ngunit nilalapastangan ng mga taong ito ang anumang hindi nila nauunawaan. Sila ay tulad ng mga hayop na ang sinusunod lamang ay ang kanilang damdamin, na siya namang magpapahamak sa kanila.

11Kakila-kilabot ang sasapitin nila sapagkat sumunod sila sa halimbawa ni Cain. Tulad ni Balaam, hindi sila nag-atubiling gumawa ng kamalian dahil lamang sa salapi. Naghimagsik silang tulad ni Korah, kaya't sila'y namatay ding katulad niya.

12Napakalaking kahihiyan at kasiraang-puri ang sila'y makasama ninyo sa mga salu-salong pangmagkakapatid. Wala silang iniintindi kundi ang kanilang sarili. Para silang mga ulap na tinatangay ng hangin ngunit hindi nagdadala ng ulan; mga punongkahoy na binunot na pati ugat at talagang patay na dahil hindi namumunga kahit sa kapanahunan.

13Sila'y mga alon sa dagat na ang bula ay ang kanilang mga gawang kahiya-hiya; mga ligaw na bituin na nakalaan sa kadiliman magpakailanman.

14Tungkol din sa kanila ang pahayag ni Enoc, na kabilang sa ikapitong salinlahi mula kay Adan. Sinabi niya, "Tingnan ninyo! Dumarating ang Panginoon kasama ang kanyang libu-libong mga banal na anghel

15upang hatulan ang lahat. Paparusahan niya ang lahat ng ayaw kumilala sa Diyos dahil sa kanilang mga kasamaan at paglapastangan sa Diyos!"

16Ang mga taong ito'y walang kasiyahan, mapamintas, sumusunod sa kanilang mga pagnanasa, mayayabang, at sanay mambola para makuha ang gusto nila.

**Mga Babala at mga Payo**

17Mga minamahal, alalahanin ninyo ang sinabi ng mga apostol ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

18Noon pa'y sinabi na nila sa inyo, "Sa huling panahon, may lilitaw na mga taong mapanlait at sumusunod sa masasamang pagnanasa ng laman."

19Ito ang mga taong lumilikha ng pagkakabaha-bahagi, mga makamundo at wala sa kanila ang Espiritu.

20Ngunit magpakatatag kayo, mga minamahal, sa inyong kabanal-banalang pananampalataya. Manalangin kayo sa tulong ng Espiritu Santo.

21Manatili kayo sa pag-ibig ng Diyos habang naghihintay kayo sa ating Panginoong Jesu-Cristo na magkakaloob sa inyo ng buhay na walang hanggan dahil sa kanyang habag sa atin.

22Kaawaan ninyo ang mga nag-aalinlangan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

23Agawin ninyo ang iba upang mailigtas sa apoy. Ang iba nama'y kaawaan ninyo nang may halong takot; kasuklaman ninyo pati ang mga damit nilang nabahiran ng kahalayan.

### Bendisyon

24Sa kanya na makapag-iingat sa inyo upang hindi kayo magkasala, at makakapagharap sa inyo nang walang kapintasan at may malaking kagalakan sa kanyang kaluwalhatian,

25sa iisang Diyos na ating Tagapagligtas, sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na Panginoon natin, sa kanya ang kaluwalhatian, kadakilaan, kapamahalaan at kapangyarihan, mula pa noong una, ngayon at magpakailanman! Amen.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Pahayag

## Pahayag 1

1Ito ang pahayag ni Jesu-Cristo na ibinigay ng Diyos sa kanya at kanyang inihayag kay Juan na alipin niya, sa pamamagitan ng anghel na kanyang isinugo. Ang layunin ng paghahayag na ito'y ipakita sa mga alipin ng Diyos ang mga bagay na malapit nang maganap.

2Pinatotohanan ni Juan ang lahat ng kanyang nakita. Ito ang kanyang patotoo tungkol sa mensahe ng Diyos at sa katotohanang ipinahayag ni Jesu-Cristo.

3Pinagpala ang bumabasa ng aklat na ito, ang mga nakikinig sa propesiya nito, at tumutupad sa nasusulat dito! Sapagkat malapit na itong maganap.

**Pagbati sa Pitong Iglesya**

4Mula kay Juan, para sa pitong iglesya sa lalawigan ng Asia. Sumainyo nawa ang kagandahang-loob at kapayapaang mula sa Diyos na siyang nakaraan, kasalukuyan, at darating, mula sa pitong espiritung nasa harap ng kanyang trono,

5at mula kay Jesu-Cristo, ang tapat na saksi, ang panganay sa mga binuhay mula sa kamatayan, at ang pinuno ng mga hari sa lupa. Iniibig niya tayo, at sa pamamagitan ng kanyang dugo ay pinalaya niya tayo sa ating mga kasalanan.

6Ginawa niya tayong isang kaharian ng mga pari upang maglingkod sa kanyang Diyos at Ama. Kay Jesu-Cristo ang kaluwalhatian at kapangyarihan magpakailanman! Amen.

7Tingnan ninyo, dumarating siyang nasa mga alapaap at makikita siya ng lahat, pati ng mga tumusok sa kanya; tatangis ang lahat ng lipi sa lupa dahil sa kanya. Magkagayon nawa. Amen.

8"Ako ang Alpha at ang Omega," sabi ng Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat, ang kasalukuyan, nakaraan, at darating.

**Isang Pangitain tungkol kay Cristo**

9Ako'y si Juan, ang inyong kapatid at kasama sa kapighatian at pagtitiis na nararanasan ng mga kabilang sa kanyang kaharian dahil sa pakikipag-isa kay Jesus. Noon ako'y nasa isla ng Patmos sapagkat ipinangaral ko ang salita ng Diyos at nagpatotoo ako para kay Jesus.

10Noon ay araw ng Panginoon, at habang nasa ilalim ako ng kapangyarihan ng Espiritu, narinig ko mula sa aking likuran ang isang malakas na tinig na parang tunog ng trumpeta.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[11]Sabi niya, “Isulat mo sa isang aklat ang iyong nakita, at ipadala mo ito sa pitong iglesya: sa Efeso, Esmirna, Pergamo, Tiatira, Sardis, Filadelfia at Laodicea.”

[12]Lumingon ako upang tingnan ang nagsasalita, at nakakita ako ng pitong ilawang ginto.

[13]Nakatayo sa gitna ng mga ilawan ang isang parang anak ng tao na nakasuot ng mahabang damit, at may gintong pamigkis sa kanyang dibdib.

[14]Ang kanyang ulo at buhok ay kasimputi ng balahibo ng tupa o ng niyebe, at ang kanyang mga mata'y parang apoy na nagliliyab.

[15]Kumikinang ang kanyang mga paa na parang tansong pinakintab, at parang rumaragasang tubig ang kanyang tinig.

[16]May hawak siyang pitong bituin sa kanang kamay, at lumabas sa kanyang bibig ang isang matalas na tabak na sa magkabila'y may talim. Ang kanyang mukha ay nakakasilaw tulad ng araw sa katanghaliang-tapat.

[17]Pagkakita ko sa kanya, para akong patay na bumagsak sa kanyang paanan, ngunit ipinatong niya sa akin ang kanyang kanang kamay at sinabi, “Huwag kang matakot! Ako ang simula at ang wakas,

[18]at ang nabubuhay! Namatay ako ngunit tingnan mo, ako'y buháy ngayon at mananatiling buháy magpakailanman. Hawak ko ang mga susi ng kamatayan at ng daigdig ng mga patay.

[19]Kaya't isulat mo ang iyong nakikita, ang nangyayari ngayon at ang mangyayari pa pagkatapos nito.

[20]Tungkol naman sa hiwaga ng pitong bituing hawak ko sa aking kanang kamay at sa pitong ilawang ginto: ang pitong bituin ay ang mga anghel ng pitong iglesya at ang pitong ilawang ginto ay ang pitong iglesya.

## Pahayag 2

### Ang Mensahe para sa Iglesya sa Efeso

[1]“Isulat mo sa anghel ng iglesya sa Efeso: “Ito ang sinasabi ng may hawak ng pitong bituin sa kanyang kanang kamay at lumalakad sa gitna ng pitong ilawang ginto.

[2]Alam ko ang mga ginagawa mo, ang iyong mga pagpapagal at matiyagang pagtitiis. Alam kong hindi mo kinukunsinti ang masasamang tao. Sinubok mo ang mga nagsasabing sila'y apostol, at napatunayan mong sila'y huwad.

[3]Alam ko ring matiyaga ka, nagtiis ng maraming hirap alang-alang sa akin at hindi ka sumuko.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Subalit may isang bagay na ayaw ko sa iyo: iniwan mo na ang pag-ibig mo noong una.

5Alalahanin mo ang dati mong kalagayan; pagsisihan mo at talikuran ang iyong masasamang gawa, at gawin mong muli ang mga ginagawa mo noong una. Kapag hindi ka nagsisi, pupunta ako diyan at aalisin ko sa kinalalagyan ang iyong ilawan.

6Ngunit ito naman ang napupuri ko sa iyo; kinapopootan mo ring tulad ko ang mga ginagawa ng mga Nicolaita.

7“Ang lahat ng may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya! “Sa magtatagumpay ay ibibigay ko ang karapatang kumain ng bunga ng punongkahoy ng buhay na nasa Paraiso ng Diyos.”

**Ang Mensahe para sa Iglesya sa Esmirna**

8“Isulat mo sa anghel ng iglesya sa Esmirna: “Ito ang sinasabi sa iyo ng simula at wakas, ang namatay at muling nabuhay.

9Alam ko ang mga kapighatian na dinaranas mo. Alam kong mahirap ka, ngunit ang totoo'y mayaman ka. Nalalaman ko rin ang mga paninirang-puri sa iyo ng mga nagpapanggap na mga Judio; ngunit ang totoo, sila'y mga kampon ni Satanas.

10Huwag kang matakot sa mga pag-uusig na malapit mo nang danasin. Makinig ka! Ipabibilanggo ng diyablo ang ilan sa inyo bilang pagsubok; magdurusa kayo sa loob ng sampung araw. Manatili kang tapat hanggang kamatayan, at gagantimpalaan kita ng korona ng buhay.

11“Ang lahat ng may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya! “Ang magtatagumpay ay hindi masasaktan ng pangalawang kamatayan.”

**Ang Mensahe para sa Iglesya sa Pergamo**

12“Isulat mo sa anghel ng iglesya sa Pergamo: “Ito ang sinasabi ng may hawak ng matalas na tabak na sa magkabila'y may talim.

13Alam ko kung saan ka nakatira, sa kinaroroonan ng trono ni Satanas. Gayunma'y nananatili kang tapat sa akin. Hindi mo tinalikuran ang iyong pananampalataya sa akin kahit noong si Antipas na tapat kong lingkod ay patayin diyan sa kalagitnaan ninyo sa lugar na tinitirhan ni Satanas.

14Subalit may ilang bagay na ayaw ko sa iyo: may ilan sa inyo na sumusunod sa katuruan ni Balaam na nagturo kay Balac upang mahikayat ang mga Israelita na magkasala. Kaya't kumain sila ng mga pagkaing inihandog sa mga diyus-diyosan at nakiapid.

15May ilan din sa inyong sumusunod sa katuruan ng mga Nicolaita.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16Kaya magsisi na kayo't talikuran ang inyong mga kasalanan! Kung hindi, pupunta ako diyan sa lalong madaling panahon at pupuksain ko ang mga taong iyon sa pamamagitan ng tabak na lumalabas sa aking bibig.

17“Ang lahat ng may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya! “Ang magtatagumpay ay bibigyan ko ng nakatagong pagkain. Bibigyan ko rin siya ng batong puti na kinasusulatan ng isang bagong pangalan, na walang sinumang nakakaalam maliban sa tatanggap niyon.”

### Ang Mensahe para sa Iglesya sa Tiatira

18“Isulat mo sa anghel ng iglesya sa Tiatira: “Ito ang sinasabi ng Anak ng Diyos na may mga matang parang apoy na nagliliyab at mga paang kumikinang na parang tansong pinakintab.

19Alam ko ang mga ginagawa mo: ang iyong pag-ibig, katapatan, paglilingkod at pagtitiyaga. Nalalaman kong ang mga ginagawa mo ngayon ay higit kaysa noong una.

20Ngunit ito ang ayaw ko sa iyo: pinapayagan mo si Jezebel, ang babaing nagpapanggap na propeta, na turuan at linlangin ang aking mga lingkod upang makiapid at kumain ng pagkaing inihandog sa mga diyus-diyosan.

21Binigyan ko siya ng sapat na panahon upang pagsisihan at talikuran ang kanyang pakikiapid, ngunit ayaw niya.

22Kaya nga bibigyan ko siya ng malubhang sakit, pati ang mga kasama niya sa pangangalunya. Daranas sila ng matinding kapighatian kung hindi nila pagsisisihan at tatalikuran ang kahalayang ginawa nila sa piling ng babaing iyan.

23Papatayin ko ang kanyang mga anak upang malaman ng mga iglesya na sinisiyasat ko ang puso't isip ng mga tao at gagantihan ko ang bawat isa sa inyo ayon sa inyong mga gawa.

24“Ngunit para sa ibang mga taga-Tiatira, na hindi sumusunod sa katuruan ni Jezebel at hindi natuto ng tinatawag na ‘malalalim na lihim ni Satanas,’ ito ang sinasabi ko sa inyo: hindi ko kayo bibigyan ng ibang pasanin,

25ngunit panghawakan ninyo kung anong mayroon kayo hanggang ako'y dumating.

26Sa magtatagumpay at tutupad ng ipinapagawa ko hanggang wakas, ibibigay ko sa kanya ang pamamahala sa mga bansa.

27Mamamahala siya sa pamamagitan ng tungkod na bakal at dudurugin niya ang mga bansa na parang mga palayok.

28Ibinibigay ko ito kung paanong ibinigay ito sa akin ng Ama. Ibibigay ko rin sa mga magtatagumpay ang bituin sa umaga.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

29“Ang lahat ng may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya!”

## Pahayag 3

### Ang Mensahe para sa Iglesya sa Sardis

1“Isulat mo sa anghel ng iglesya sa Sardis: “Ito ang sinasabi ng nagtataglay ng pitong espiritu ng Diyos at ng pitong bituin. Alam ko ang ginagawa mo; ang alam ng marami, ikaw ay buháy, ngunit ang totoo, ikaw ay patay.

2Kaya't gumising ka! Palakasin mo ang nalalabi pa sa iyo upang hindi ito tuluyang mamatay. Sapagkat nakita kong hindi ganap sa paningin ng aking Diyos ang mga nagawa mo.

3Kaya nga, alalahanin mo ang mga bagay na iyong tinanggap at narinig. Isagawa mo ang mga iyon; pagsisihan mo't talikuran ang iyong kasamaan. Kung hindi ka gigising, pupunta ako diyan na gaya ng isang magnanakaw, at hindi mo malalaman ang oras ng aking pagdating.

4“Ngunit may ilan sa inyo diyan sa Sardis na napanatiling walang dungis ang kanilang damit, kaya't kasama ko silang maglalakad na nakasuot ng puting damit sapagkat sila'y karapat-dapat.

5Ang magtatagumpay ay dadamitan ng puti, at hindi ko kailanman buburahin sa aklat ng buhay ang kanyang pangalan. Kikilalanin ko siya sa harap ng aking Ama at ng kanyang mga anghel.

6“Ang lahat ng may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya!”

### Ang Mensahe para sa Iglesya sa Filadelfia

7“Isulat mo sa anghel ng iglesya sa Filadelfia: “Ito ang sinasabi ng banal at mapagkakatiwalaan, ang may hawak ng susi ni David. Walang makakapagsara ng anumang binubuksan niya, at walang makakapagbukas ng anumang sinasarhan niya.

8Alam ko ang mga ginagawa mo. Alam kong kaunti lamang ang iyong kakayahan ngunit sinunod mo ang aking salita, at naging tapat ka sa akin. Kaya't binuksan ko para sa iyo ang isang pinto na hindi maisasara ninuman.

9Tingnan mo! Palalapitin ko sa iyo at paluluhurin ang mga kampon ni Satanas na nagpapanggap na mga Judio ngunit hindi naman, at sa halip ay nagsisinungaling. Malalaman nilang minamahal kita.

10Sapagkat tinupad mo ang aking utos na magtiis, iingatan naman kita sa panahon ng pagsubok na darating sa lahat ng tao sa buong daigdig!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Darating ako sa lalong madaling panahon. Kaya't ingatan mo kung ano ang nasa iyo upang hindi maagaw ninuman ang iyong gantimpala.

12Ang magtatagumpay ay gagawin kong isang haligi sa templo ng aking Diyos, at hinding-hindi na siya lalabas doon. Isusulat ko sa kanya ang pangalan ng aking Diyos, at ang pangalan ng kanyang lungsod. Ito ang bagong Jerusalem na bumababa mula sa langit buhat sa aking Diyos. Isusulat ko rin sa kanya ang aking bagong pangalan.

13“Ang lahat ng may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya!”

### Ang Mensahe para sa Iglesya sa Laodicea

14“Isulat mo sa anghel ng iglesya sa Laodicea: “Ito ang sinasabi niya na ang pangalan ay Amen, ang tapat at tunay na saksi, at siyang pinagmulan ng lahat ng nilalang ng Diyos.

15Alam ko ang mga ginagawa mo. Alam kong hindi ka malamig ni mainit. Mabuti pa sana kung ikaw ay malamig o mainit.

16Ngunit dahil ikaw ay maligamgam, hindi mainit ni malamig, isusuka kita!

17Sinasabi mong ikaw ay mayaman, sagana sa lahat ng bagay at wala nang kailangan pa, ngunit hindi mo nalalamang ikaw ay kawawa, kahabag-habag, dukha, bulag at hubad.

18Kaya nga, ipinapayo kong bumili ka sa akin ng purong ginto upang ikaw ay maging tunay na mayaman. Bumili ka rin sa akin ng puting damit upang iyong isuot at matakpan ang nakakahiya mong kahubaran. Bumili ka rin sa akin ng gamot na ipapahid sa iyong mata upang ikaw ay makakita.

19Sinasaway ko't pinapalo ang lahat ng aking minamahal. Kaya't maging masigasig ka! Pagsisihan mo't talikuran ang iyong mga kasalanan.

20Tingnan mo! Nakatayo ako at kumakatok sa pintuan. Kung diringgin ninuman ang aking tinig at bubuksan ang pinto, papasok ako at kakain akong kasalo niya.

21Ang magtatagumpay ay bibigyan ko ng karapatang umupo na katabi ko sa aking trono, tulad ko na nagtagumpay at nakaupo ngayon katabi ng aking Ama sa kanyang trono.

22“Ang lahat ng may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya!”

## Pahayag 4

### Pananambahan sa Langit

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

1Pagkatapos kong masaksihan ang mga bagay na ito, nakita ko sa langit ang isang bukás na pinto. At narinig ko ang tinig na parang tunog ng isang trumpeta, na ang sabi sa akin, “Umakyat ka rito, at ipapakita ko sa iyo kung ano pang mga mangyayari pagkatapos nito.”

2At agad akong napuspos ng Espiritu, at nakita ko sa langit ang isang trono at ang isang nakaupo roon.

3Ang anyo niya'y maningning na parang mahahalagang batong jasper at kornalina. May isang bahagharing nagniningning na parang esmeralda sa palibot ng trono.

4Nakapaligid naman dito ang dalawampu't apat pang trono na sa bawat isa'y may nakaupong matanda na nakadamit ng puti at may koronang ginto sa ulo.

5Mula sa trono ay gumuguhit ang kidlat, kasabay ng mga ugong at mga kulog. Sa harap ng trono ay may pitong nagniningas na sulo; ito ang pitong espiritu ng Diyos.

6Sa harap ng trono ay may tila dagat na salamin na sinlinaw ng kristal. Sa apat na panig ng trono ay may apat na buháy na nilalang, na punung-puno ng mga mata sa kanilang harap at likod.

7Ang unang buháy na nilalang ay katulad ng leon; katulad naman ng baka ang pangalawa; tulad sa mukha ng tao ang pangatlo; at katulad naman ng agilang lumilipad ang pang-apat.

8Ang bawat isa ay may tig-aanim na pakpak, at punung-puno ng mga mata sa harap at likod. Walang tigil ang kanilang pag-awit araw at gabi, “Banal, banal, banal, ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na siyang nakaraan, kasalukuyan, at darating.”

9Tuwing umaawit ng pagluwalhati, parangal at pasasalamat ang apat na buháy na nilalang sa nakaupo sa trono, na nabubuhay magpakailanman,

10ang dalawampu't apat (24) na matatandang pinuno naman ay nagpapatirapa sa harap ng trono at sinasamba ang nakaupo doon, ang nabubuhay magpakailanman. Inilalagay nila ang kanilang korona sa harap ng trono, at sinasabi,

11“Aming Panginoon at Diyos! Karapat-dapat kang tumanggap ng kaluwalhatian, karangalan, at kapangyarihan; sapagkat ikaw ang lumalang sa lahat ng bagay, at ayon sa iyong kagustuhan, sila'y nagkaroon ng buhay at nalikha.”

## Pahayag 5

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

### Ang Kasulatan at ang Kordero

1Nakita ko sa kanang kamay ng nakaupo sa trono ang isang kasulatang nakabalumbon, na may sulat sa loob at labas at sinarhan ng pitong selyo.

2At nakita ko rin ang isang makapangyarihang anghel na nagtanong nang malakas, "Sino ang karapat-dapat na mag-alis sa mga selyo at magbukas sa balumbon?"

3Ngunit wala ni isa man, maging sa langit, maging sa lupa o sa ilalim ng lupa, na makapagbukas o makatingin sa nilalaman niyon.

4Buong kapaitan akong umiyak dahil walang natagpuang karapat-dapat na magbukas at tumingin sa nilalaman niyon.

5Ngunit sinabi sa akin ng isa sa matatandang pinuno, "Huwag kang umiyak. Tingnan mo! Ang Leon mula sa lipi ni Juda, ang anak ni David ay nagtagumpay at may karapatang mag-alis sa pitong selyo at magbukas sa kasulatang nakabalumbon."

6Pagkatapos, nakita ko sa pagitan ng matatandang pinuno at ng tronong napapaligiran ng apat na buháy na nilalang ang isang Korderong nakatayo na ang anyo ay tulad sa pinatay na. Ito'y may pitong sungay at pitong mata na siyang pitong espiritu ng Diyos na ipinadala sa buong daigdig.

7Lumapit ang Kordero at kinuha ang kasulatang nakabalumbon sa kanang kamay ng nakaupo sa trono.

8Nang ito'y kunin niya, nagpatirapa sa harapan ng Kordero ang apat na buháy na nilalang at ang dalawampu't apat (24) na matatandang pinuno. Bawat isa'y may hawak na alpa at may gintong mangkok na punô ng insenso na siyang mga panalangin ng mga hinirang ng Diyos.

9Inaawit nila ang isang bagong awit: "Ikaw ang karapat-dapat na kumuha sa kasulatang nakabalumbon at magtanggal sa mga selyo niyon. Sapagkat pinatay ka, at sa pamamagitan ng iyong dugo ay tinubos mo ang mga tao para sa Diyos, mula sa bawat lahi, wika, bayan at bansa.

10Ginawa mo silang isang lahing maharlika at mga pari na itinalaga upang maglingkod sa ating Diyos; at sila'y maghahari sa lupa."

11Tumingin akong muli at narinig ko ang tinig ng milyun-milyon at libu-libong anghel. Sila'y nakapaligid sa trono, sa apat na buháy na nilalang at sa matatandang pinuno.

12Umaawit sila nang malakas, "Ang Korderong pinatay ay karapat-dapat tumanggap ng kapangyarihan, kayamanan, karunungan, kalakasan, kaluwalhatian, papuri at paggalang!"

13At narinig kong umaawit ang bawat nilikhang nasa langit, nasa lupa, nasa ilalim ng lupa at nasa dagat, lahat ng mga naroroon, "Sa nakaupo sa trono,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

at sa Kordero, ang papuri at karangalan, kaluwalhatian at kapangyarihan, magpakailanman!”

14At sumagot ang apat na nilalang na buháy, “Amen!” At nagpatirapa ang matatandang pinuno at nagsisamba.

## Pahayag 6

### Ang mga Selyo

1Nakita kong inalis ng Kordero ang una sa pitong selyo, at narinig kong sinabi ng isa sa apat na buháy na nilalang, sa tinig na sinlakas ng kulog, “Halika!”

2At nakita ko ang isang kabayong puti na ang nakasakay ay may hawak na pana. Binigyan siya ng korona at siya'y umalis upang patuloy na manakop.

3Nang alisin ng Kordero ang pangalawang selyo, narinig kong sinabi ng pangalawang buháy na nilalang, “Halika!”

4Isa namang kabayong pula ang lumitaw na ang nakasakay ay binigyan ng kapangyarihang magpasimula ng digmaan sa lupa upang magpatayan ang mga tao. Binigyan siya ng isang malaking tabak.

5Nang alisin ng Kordero ang pangatlong selyo, narinig kong sinabi ng pangatlong buháy na nilalang, “Halika!” Isang kabayong itim ang nakita ko at may hawak na timbangan ang nakasakay dito.

6May narinig akong parang isang tinig na nagmumula sa kinaroroonan ng apat na buháy na nilalang, na nagsabi, “Isang takal na trigo lamang ang mabibili ng sahod sa maghapong trabaho at tatlong takal na harina lamang ang mabibili sa ganoon ding halaga. Ngunit huwag mong pinsalain ang langis ng olibo at ang alak!”

7Nang alisin ng Kordero ang pang-apat na selyo, narinig kong sinabi ng pang-apat na buháy na nilalang, “Halika!”

8Isang kabayong maputla ang nakita ko at ang pangalan ng nakasakay dito ay Kamatayan. Nakasunod sa kanya ang Daigdig ng mga Patay. Ibinigay sa mga ito ang kapangyarihan sa ikaapat na bahagi ng lupa upang pumatay sa pamamagitan ng digmaan, taggutom, salot, at mababangis na hayop sa lupa.

9Nang alisin ng Kordero ang panlimang selyo, nakita ko sa ilalim ng dambana ang mga kaluluwa ng mga pinatay dahil sa salita ng Diyos at dahil sa pagpapatotoo nila rito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

10Sumigaw sila nang malakas, “O Panginoong Makapangyarihan, banal at tapat! Gaano pa katagal bago ninyo hatulan at parusahan ang mga tao sa daigdig na pumatay sa amin?”

11Binigyan ng puting kasuotan ang bawat isa sa kanila, at sinabi sa kanilang magpahinga nang kaunti pang panahon, hanggang sa mabuo ang bilang ng kanilang mga kapatid at kapwa mga lingkod, na papatayin ding tulad nila.

12Nang alisin ng Kordero ang pang-anim na selyo, lumindol nang malakas, ang araw ay nagdilim na kasing itim ng damit panluksa at ang buwan ay naging kasimpula ng dugo.

13Nalaglag mula sa langit ang mga bituin na parang mga bubot na bunga ng igos kapag hinahampas ng malakas na hangin.

14Naglaho ang langit na parang kasulatang inirolyo, at nawala sa kanilang dating kinalalagyan ang mga bundok at mga isla.

15Nagtago sa mga yungib na bato ang mga hari sa lupa, ang mga gobernador, ang mga pinuno ng hukbo, ang mayayaman, ang makapangyarihan, at lahat ng tao, alipin man o malaya.

16At sinabi nila sa mga bundok at sa mga bato, “Tabunan ninyo kami at ikubli ninyo kami sa mukha ng nakaupo sa trono, at sa poot ng Kordero!

17Sapagkat dumating na ang kakila-kilabot na araw ng pagbubuhos ng kanilang poot, at sino ang makakatagal sa harap nito?”

## Pahayag 7

### Ang 144,000 na Tinatakan sa Israel

1Pagkatapos nito, may nakita akong apat na anghel na nakatayo sa apat na sulok ng daigdig. Pinipigil nila ang apat na hangin upang huwag umihip sa lupa, sa dagat o sa alinmang punongkahoy.

2At nakita kong umaakyat sa gawing silangan ang isa pang anghel, taglay ang pantatak ng Diyos na buháy. Sumigaw siya sa apat na anghel na binigyan ng kapangyarihang maminsala sa lupa at sa dagat,

3“Huwag muna ninyong pinsalain ang lupa, ang dagat o ang mga punongkahoy hangga't hindi pa namin nalalagyan ng tatak sa noo ang mga lingkod ng ating Diyos.”

4At narinig ko ang bilang ng mga tinatakan, isandaan at apatnapu't apat na libo (144,000) buhat sa labindalawang (12) lipi ng Israel.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[5-8]Tig-labindalawang libo (12,000) mula sa bawat lipi ng Israel: Juda, Ruben, Gad, Asher, Neftali, Manases, Simeon, Levi, Isacar, Zebulun, Jose, at Benjamin.

**Ang mga Nagtagumpay Mula sa Lahat ng Bansa**

[9]Pagkatapos nito'y nakita ko ang napakaraming tao na di kayang bilangin ninuman! Sila'y mula sa bawat bansa, lipi, bayan, at wika. Nakatayo sila sa harap ng trono at ng Kordero, nakadamit ng puti at may hawak na mga palaspas.

[10]Isinisigaw nila, “Ang kaligtasan ay nagmumula sa ating Diyos na nakaluklok sa trono, at sa Kordero!”

[11]Tumayo ang lahat ng anghel sa palibot ng trono, ng matatandang pinuno, at ng apat na nilalang na buháy. Sila'y nagpatirapa sa harap ng trono at sumamba sa Diyos

[12]na nagsasabi, “Amen! Sa ating Diyos ang papuri, kaluwalhatian, karunungan, pasasalamat, karangalan, kapangyarihan, at kalakasan magpakailanman! Amen.”

[13]Tinanong ako ng isa sa matatandang pinuno, “Sino ang mga taong nakadamit ng puti, at saan sila nanggaling?”

[14]“Ginoo, kayo po ang nakakaalam,” ang sagot ko. At sinabi niya sa akin, “Sila ang mga nanggaling sa matinding kapighatian. Nilinis nila at pinaputi ang kanilang damit sa dugo ng Kordero.

[15]Iyan ang dahilan kung bakit sila ay nasa harap ng trono ng Diyos at naglilingkod sa kanya sa templo araw at gabi. At ang nakaupo sa trono ang siyang kukupkop sa kanila.

[16]Hindi na sila magugutom ni mauuhaw man; hindi na rin sila mabibilad sa araw ni mapapaso ng anumang matinding init,

[17]sapagkat ang Korderong nasa gitna ng trono ang magiging pastol nila. Siya ang gagabay sa kanila sa mga bukal ng tubig na nagbibigay-buhay, at papahirin ng Diyos ang bawat luha sa kanilang mga mata.”

## Pahayag 8

**Ang Ikapitong Selyo**

[1]Nang alisin ng Kordero ang ikapitong selyo, nagkaroon ng katahimikan sa langit sa loob ng halos kalahating oras.

[2]Pagkatapos nito'y nakita ko ang pitong anghel na nakatayo sa harapan ng Diyos at binigyan ng trumpeta ang bawat isa sa kanila.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

3Dumating ang isa pang anghel na may dalang gintong sunugan ng insenso at tumayo sa harap ng dambana. Binigyan siya ng maraming insenso upang ihandog sa dambanang ginto na nasa harap ng trono, kasabay ng mga panalangin ng mga hinirang ng Diyos.

4Mula sa kamay ng anghel ay tumaas sa harapan ng Diyos ang usok ng insenso kasabay ng mga panalangin ng mga hinirang ng Diyos.

5Pagkatapos, kinuha ng anghel ang sunugan ng insenso, pinuno ito ng apoy mula sa dambana, at inihagis sa lupa. Biglang kumulog, dumagundong, kumidlat at lumindol.

**Ang Pitong Trumpeta**

6At humanda ang pitong anghel na may pitong trumpeta upang hipan ang mga ito.

7Hinipan ng unang anghel ang kanyang trumpeta at umulan ng batong yelo at apoy na may halong dugo. Nasunog ang ikatlong bahagi ng lupa, ang ikatlong bahagi ng mga punongkahoy at lahat ng sariwang damo.

8Hinipan ng ikalawang anghel ang kanyang trumpeta at bumagsak sa dagat ang isang parang malaking bundok na nasusunog. Naging dugo ang ikatlong bahagi ng dagat,

9namatay ang ikatlong bahagi ng mga nilalang na naroon at nawasak ang ikatlong bahagi ng mga sasakyang-dagat.

10Hinipan ng ikatlong anghel ang kanyang trumpeta at nahulog mula sa langit ang isang malaking bituing nagliliyab na parang sulo, at bumagsak sa ikatlong bahagi ng mga ilog at mga bukal.

11Ang bituin ay tinatawag na Kapaitan. Pumait ang ikatlong bahagi ng tubig, at maraming tao ang namatay pagkainom nito.

12Hinipan ng ikaapat na anghel ang kanyang trumpeta at napinsala ang ikatlong bahagi ng araw, ang ikatlong bahagi ng buwan, at ang ikatlong bahagi ng mga bituin, kaya't nawala ang ikatlong bahagi ng kanilang liwanag. Nagdilim ang ikatlong bahagi ng maghapon, at walang tumanglaw sa ikatlong bahagi ng magdamag.

13Pagkatapos ay nakita ko ang isang agilang lumilipad sa kalawakan, at narinig ko itong sumisigaw, “Kalagim-lagim! Kalagim-lagim! Talagang kalagim-lagim ang sasapitin ng lahat ng nasa lupa pagtunog ng mga trumpetang hihipan ng tatlo pang anghel!”

## Pahayag 9

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[1]Hinipan ng ikalimang anghel ang kanyang trumpeta at nakita kong nahulog sa lupa ang isang bituin; ibinigay rito ang susi sa bukana ng napakalalim na hukay.

[2]Binuksan ng bituin ang napakalalim na hukay at may lumabas na makapal na usok, tulad ng usok ng malaking hurno, kaya't nagdilim ang araw at ang himpapawid.

[3]Mula sa usok ay may naglabasang mga balang na kumalat sa lupa. Binigyan sila ng kapangyarihang tulad ng sa mga alakdan.

[4]Ipinagbilin sa kanila na huwag sirain ang mga damo, punongkahoy o anumang halaman. Ang mga tao lamang na walang tatak ng Diyos sa noo ang maaari nilang saktan.

[5]Hindi pinahintulutan ang mga balang na patayin ang mga taong ito, kundi pahirapan lamang sa loob ng limang buwan. Parang kagat ng alakdan ang kirot na dulot ng mga balang na ito.

[6]Sa loob ng panahong iyon, hahanapin ng mga tao ang kamatayan ngunit hindi ito matatagpuan. Nanaisin nila ang kamatayan ngunit lalayuan sila nito.

[7]Ang anyo ng mga balang ay tulad sa mga kabayong handa na sa pakikipagdigma. Sa kanilang ulo ay may parang koronang ginto, at parang mukha ng tao ang kanilang mukha.

[8]Parang buhok ng babae ang kanilang buhok at parang ngipin ng leon ang kanilang mga ngipin.

[9]Natatakpan ng parang mga baluting bakal ang kanilang dibdib at ang pagaspas ng kanilang pakpak ay parang dagundong ng maraming karwaheng hila ng mga kabayong lulusob sa labanan.

[10]Sila ay may mga buntot na may tulis gaya ng sa alakdan. Nasa buntot nila ang kapangyarihang manakit ng mga tao sa loob ng limang buwan.

[11]Ang pinuno nila'y ang anghel na bantay sa napakalalim na hukay. Ang kanyang pangalan sa wikang Hebreo ay Abadon, at sa wikang Griego'y Apolion.

[12]Nakaraan na ang unang lagim; dalawa pang lagim ang darating.

[13]Hinipan ng ikaanim na anghel ang kanyang trumpeta at nakarinig ako ng tinig mula sa mga sulok ng gintong dambana na nasa harapan ng Diyos.

[14]Iniutos nito sa ikaanim na anghel na may trumpeta, “Kalagan mo ang apat na anghel na nakagapos sa tabi ng malaking Ilog Eufrates.”

[15]At pinalaya ang apat na anghel upang patayin nila ang ikatlong bahagi ng sangkatauhan; talagang inihanda sila para sa oras, araw, buwan at taóng ito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[16]Narinig ko na ang bilang ng hukbong nakakabayo ay dalawandaang milyon (200,000,000).

[17]Sa aking pangitain ay nakita ko ang mga kabayo, at ang mga dibdib ng mga sakay nito ay may mapulang baluti na gaya ng apoy, asul na gaya ng safiro, at dilaw na parang asupre. Ang mga ulo ng mga kabayo ay parang ulo ng leon, at ang kanilang bibig ay bumubuga ng apoy, usok at asupre.

[18]Ang ikatlong bahagi ng sangkatauhan ay pinatay ng tatlong salot na ito: ang apoy, usok at asupre na nagmula sa bibig ng mga kabayo.

[19]Sapagkat ang kapangyarihan ng mga kabayo'y nasa kanilang mga bibig at mga buntot. Ang kanilang mga buntot ay parang ahas na may ulo, na siyang ginagamit nila sa pananakit ng tao.

[20]Ang natira sa sangkatauhan na hindi namatay sa mga salot na ito ay hindi nagsisi. Hindi sila tumalikod ni tumigil man sa pagsamba sa mga demonyo at sa mga diyus-diyosang ginawa ng kanilang kamay, mga larawang ginto, pilak, tanso, bato at kahoy, na di nakakakita, nakakarinig o nakakalakad man.

[21]Ni hindi rin nila pinagsisihan ang kanilang mga pagpatay, pangkukulam, pakikiapid at pagnanakaw.

# Pahayag 10

### Ang Anghel at ang Maliit na Kasulatan

[1]Pagkaraan nito, nakita ko ang isa pang makapangyarihang anghel na bumababa mula sa langit. Siya'y nababalot ng ulap at may bahaghari sa kanyang ulunan. Nagniningning na parang araw ang kanyang mukha, at parang mga haliging apoy ang kanyang mga binti.

[2]May hawak siyang isang maliit na aklat na nakabukas. Itinuntong niya sa dagat ang kanyang kanang paa, at sa lupa naman ang kaliwa.

[3]Sumigaw siya, at ang kanyang tinig ay parang atungal ng leon. Tinugon siya ng dagundong ng pitong kulog.

[4]Isusulat ko sana ang aking nasaksihan nang matapos ang dagundong. Ngunit narinig ko mula sa langit ang isang tinig na nagsabi, “Ilihim mo ang sinabi ng pitong kulog, huwag mo nang isulat!”

[5]At itinaas ng anghel na nakita kong nakatuntong sa dagat at sa lupa ang kanyang kanang kamay

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[6]at nanumpa sa pangalan ng Diyos na nabubuhay magpakailanman na siyang lumikha ng langit, lupa, dagat, at ng lahat ng naroroon. Sinabi ng anghel, "Hindi na magtatagal!

[7]Sa araw na hipan ng ikapitong anghel ang kanyang trumpeta, isasagawa na ng Diyos ang lihim niyang plano, gaya ng ipinahayag niya sa mga propeta na kanyang mga lingkod."

[8]Pagkatapos ay kinausap akong muli ng tinig na narinig kong nagsasalita mula sa langit, "Lumapit ka sa anghel na nakatuntong sa dagat at sa lupa, at kunin mo ang hawak niyang aklat na nakabukas."

[9]Nilapitan ko nga ang anghel at hiningi ang aklat. Sinabi niya sa akin, "Kunin mo ito at kainin; mapait iyan sa sikmura, ngunit sa iyong bibig ay kasingtamis ng pulot-pukyutan."

[10]Kinuha ko nga mula sa kamay ng anghel ang maliit na aklat at kinain ko ito. Matamis nga iyon, parang pulot-pukyutan sa bibig, ngunit nang malunok ko na'y pumait ang aking sikmura.

[11]At sinabi nila sa akin, "Kailangang ipahayag mong muli ang mga propesiya tungkol sa mga tao, bansa, wika, at mga hari."

## Pahayag 11

### Ang Dalawang Saksi

[1]Pagkatapos, binigyan ako ng isang panukat na parang tungkod at sinabihan, "Tumayo ka at sukatin mo ang templo ng Diyos at ang dambana, at bilangin mo ang mga sumasamba roon.

[2]Ngunit huwag mo nang sukatin ang mga bulwagan sa labas ng templo, sapagkat ibinigay na iyon sa mga taong di-kumikilala sa Diyos. Yuyurakan nila ang Banal na Lungsod sa loob ng apatnapu't dalawang buwan.

[3]Isusugo ko ang dalawa kong saksi na nakadamit ng sako, at sa loob ng isang libo, dalawandaan at animnapung (1,260) araw ay ipahahayag nila ang mensaheng mula sa Diyos."

[4]Ang mga saksing ito ay ang dalawang punong olibo at dalawang ilawang nakatayo sa harap ng Panginoon ng daigdig.

[5]Kapag may nagtangkang manakit sa kanila, may lalabas na apoy sa kanilang bibig at tutupukin ang kanilang mga kaaway. Sa ganoong paraa'y mamamatay ang sinumang magtangkang manakit sa kanila.

[6]May kapangyarihan silang isara ang langit upang hindi umulan sa panahon ng pagpapahayag nila ng mensaheng mula sa Diyos. May kapangyarihan

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

din silang gawing dugo ang tubig, at magpadala ng anumang salot sa lupa tuwing naisin nila.

7Pagkatapos nilang magpatotoo, aahon ang halimaw na nasa napakalalim na hukay at makikipaglaban sa kanila. Matatalo sila at mapapatay ng halimaw,

8at ang kanilang bangkay ay mahahandusay sa lansangan ng dakilang lungsod, na ang patalinghagang pangalan ay Sodoma o Egipto, kung saan ipinako sa krus ang kanilang Panginoon.

9Sa loob ng tatlo't kalahating araw, ang kanilang mga bangkay ay pagmamasdan ng mga tao mula sa iba't ibang lahi, lipi, wika, at bansa, at hindi papayag ang mga ito na mailibing ang mga bangkay.

10Magagalak ang lahat ng tao sa daigdig dahil sa pagkamatay ng dalawang saksi. Magdiriwang sila at magbibigayan ng mga regalo sapagkat ang dalawang propetang iyon ay nagdulot sa kanila ng labis na kahirapan.

11Pagkalipas ng tatlo't kalahating araw, pumasok sa kanila ang hininga ng buhay mula sa Diyos. Sila'y tumayo at labis na nasindak ang mga nakakita sa kanila.

12Pagkatapos ay narinig nilang nagsalita ang isang malakas na tinig mula sa langit, “Umakyat kayo rito!” At habang nakatingin ang kanilang mga kaaway, umakyat sila sa langit habang nakasakay sa ulap.

13Nang oras ding iyon ay lumindol nang napakalakas at nawasak ang ikasampung bahagi ng lungsod at pitong libong tao ang namatay. Ang mga natirang tao ay natakot, at niluwalhati nila ang Diyos ng kalangitan.

14Natapos na ang ikalawang lagim, at ang ikatlong lagim ay malapit na.

### Ang Ikapitong Trumpeta

15Pagkatapos ay hinipan ng ikapitong anghel ang kanyang trumpeta at sa langit ay may malalakas na tinig na nagsabi, “Ang paghahari sa sanlibutan ay paghahari na ngayon ng ating Panginoon at ng kanyang Cristo. Maghahari siya magpakailanman!”

16At ang dalawampu't apat (24) na matatandang pinuno na nakaupo sa kani-kanilang trono sa harapan ng Diyos ay nagpatirapa at sumamba sa kanya.

17Sinabi nila, “Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na siyang kasalukuyan, at ang nakaraan! Nagpapasalamat kami na ginamit mo ang iyong walang hanggang kapangyarihan at nagpasimula ka nang maghari!

18Galit na galit ang mga bansang di-kumikilala sa iyo, dahil dumating na ang panahon ng iyong poot, ang paghatol sa mga patay, at pagbibigay ng gantimpala sa mga propetang lingkod mo, at sa iyong mga hinirang, sa lahat

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

ng may takot sa iyo, dakila man o hamak. Panahon na upang wasakin mo ang mga nagwawasak sa daigdig.”

19At nabuksan ang templo ng Diyos sa langit, at nakita ang Kaban ng Tipan sa loob nito. Pagkatapos ay kumidlat, dumagundong, kumulog, lumindol at umulan ng batong yelo.

## Pahayag 12

### Ang Babae at ang Dragon

1Kasunod nito'y lumitaw sa langit ang isang kakaibang palatandaan: isang babaing nadaramtan ng araw at nakatuntong sa buwan, at ang ulo'y may koronang binubuo ng labindalawang (12) bituin.

2Malapit na siyang manganak kaya't napapasigaw siya dahil sa matinding hirap.

3Isa pang palatandaan ang lumitaw sa langit: isang napakalaking pulang dragon. Ito'y may pitong ulo at sampung sungay, at may korona ang bawat ulo.

4Kinaladkad ng kanyang buntot ang ikatlong bahagi ng mga bituin sa langit at inihagis ang mga iyon sa lupa. Pagkatapos, tumayo ang dragon sa paanan ng babaing malapit nang manganak upang lamunin ang sanggol sa sandaling ito'y isilang.

5Ang babae ay nagsilang ng sanggol na lalaki, na nakatakdang maghari sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng tungkod na bakal. Ngunit may umagaw sa bata at dinala ito sa Diyos, sa kanyang trono.

6Ang babae naman ay tumakas papunta sa ilang, sa isang lugar na inihanda ng Diyos para sa kanya, upang maalagaan siya roon sa loob ng isang libo, dalawandaan at animnapung (1,260) araw.

7Pagkaraan nito'y nagkaroon ng digmaan sa langit. Si Miguel at ang kanyang mga anghel ay nakipaglaban sa dragon at sa mga kampon nito.

8Natalo ang dragon at ang kanyang mga kampon, at hindi na sila pinayagang manatili sa langit.

9Itinapon ang napakalaking dragon, ang matandang ahas na tinatawag na Diyablo at Satanas, na nandaraya sa buong sanlibutan. Itinapon siya sa lupa kasama ang lahat ng kanyang mga kampon.

10At narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa langit na nagsasabi, “Dumating na ang pagliligtas ng Diyos! Ipinamalas na niya ang kanyang lakas bilang Hari! Ipinamalas din ni Cristo ang kanyang kapangyarihan!

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

Sapagkat itinapon na mula sa langit ang nagpaparatang sa mga kapatid natin, araw at gabi, sa harapan ng Diyos.

11Nagtagumpay ang mga ito laban sa diyablo sa pamamagitan ng dugo ng Kordero, at sa pamamagitan ng kanilang pagpapatotoo sa salita ng Diyos; at buong puso nilang inialay ang kanilang buhay hanggang sa kamatayan.

12Kaya't magalak ang kalangitan at lahat ng naninirahan diyan! Ngunit kalagim-lagim ang daranasin ninyo, lupa at dagat, sapagkat ang matinding poot ng diyablo ay babagsak sa inyo! Alam niyang kaunting panahon na lamang ang nalalabi sa kanya."

13Nang makita ng dragon na itinapon siya sa lupa, hinabol niya ang babaing nagsilang ng sanggol na lalaki.

14Ngunit ang babae ay binigyan ng dalawang pakpak ng malaking agila upang makalipad papunta sa ilang. Doon siya aalagaan sa loob ng tatlo't kalahating taon upang maligtas sa pananalakay ng ahas.

15Mula sa kanyang bibig ang ahas ay naglabas ng tubig na parang ilog upang tangayin ang babae.

16Subalit tinulungan ng lupa ang babae. Bumuka ang lupa at hinigop ang tubig na inilabas ng dragon mula sa kanyang bibig.

17Sa galit ng dragon sa babae, binalingan niya ang nalalabing mga anak nito upang digmain. Ito ang mga taong sumusunod sa mga utos ng Diyos at nananatiling tapat sa pagpapatotoo kay Jesus.

18At ang dragon ay tumayo sa dalampasigan.

## Pahayag 13

### Ang Unang Halimaw

1Pagkatapos ay nakita kong umaahon sa dagat ang isang halimaw na may pitong ulo at sampung sungay. May korona ang bawat sungay nito at sa bawat ulo ay nakasulat ang mga pangalang lumalapastangan sa Diyos.

2Ang halimaw ay parang leopardo, ang mga paa nito'y tulad ng mga paa ng oso, at ang bibig ay parang bibig ng leon. Ibinigay ng dragon sa halimaw ang kanyang sariling lakas, trono at malawak na kapangyarihan.

3Ang isa sa mga ulo ng halimaw ay parang may sugat na nakamamatay, ngunit ito'y gumaling. Namangha ang buong daigdig sa nangyaring ito, at nagsisunod sila sa halimaw.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

4Sinamba ng lahat ng tao ang dragon sapagkat ibinigay nito ang kanyang kapangyarihan sa halimaw. Sinamba rin nila ang halimaw at sinabi nila, “Sino ang katulad ng halimaw? Sino ang makakalaban sa kanya?”

5Pinahintulutang magsalita ng kayabangan ang halimaw, lumapastangan sa Diyos, at maghari sa loob ng apatnapu't dalawang (42) buwan.

6Nilapastangan nga niya ang Diyos, ang pangalan ng Diyos, ang tahanan ng Diyos, at ang lahat ng nakatira doon.

7Pinahintulutan din siyang digmain at lupigin ang mga hinirang ng Diyos, at binigyan siya ng karapatang mamahala sa bawat lahi, lipi, wika, at bansa.

8Sasamba sa kanya ang lahat ng nabubuhay sa ibabaw ng lupa, maliban sa mga taong ang mga pangalan ay nakasulat sa aklat ng buhay bago pa likhain ang sanlibutan. Ang aklat na ito'y pag-aari ng Korderong pinatay.

9“Ang lahat ng may pandinig ay makinig!

10Ang sinumang itinakdang mabihag ay mabibihag nga; ang itinakdang mamatay sa tabak ay sa tabak nga mamamatay. Ito'y isang panawagan na magpakatatag at manatiling tapat ang mga hinirang ng Diyos.”

**Ang Ikalawang Halimaw**

11At nakita ko ang isa pang halimaw na lumilitaw mula sa lupa. May dalawang sungay ito na tulad ng mga sungay ng isang batang tupa, ngunit nagsalita ito na parang dragon.

12Ginamit niya ang lahat ng kapangyarihan ng unang halimaw upang ipatupad ang kagustuhan nito. Ang lahat ng tao sa lupa ay pinilit niyang sumamba sa unang halimaw na nagkaroon ng sugat na nakamamatay ngunit gumaling na.

13Kahanga-hanga ang mga kababalaghang ginawa ng pangalawang halimaw; nagpaulan siya ng apoy mula sa langit, at ito'y nasaksihan ng mga tao.

14Nalinlang niya ang lahat ng tao sa lupa sa pamamagitan ng mga kababalaghang kanyang ginawa sa harapan ng unang halimaw. Nahikayat niya ang mga taong gumawa ng isang larawan ng unang halimaw na nasugatan ng tabak ngunit nabuhay.

15Ipinahintulot din sa kanya na bigyan niya ng hininga ang larawan ng unang halimaw. Kaya't nakapagsalita ang larawan at ipinapatay nito ang lahat ng ayaw sumamba sa kanya.

16Sapilitang pinatatakan ng ikalawang halimaw ang lahat ng tao sa kanilang kanang kamay o sa noo, maging sila'y dakila o hamak, mayaman o mahirap, alipin o malaya.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

17At walang maaaring magtinda o bumili malibang sila'y may tatak ng pangalan ng halimaw o ng bilang na katumbas ng pangalan niyon.

18Kailangan dito ang karunungan: maaaring malaman ng sinumang matalino ang kahulugan ng bilang ng halimaw, sapagkat ito'y bilang ng isang tao. Ang bilang ay animnaraan at animnapu't anim (666).

## Pahayag 14

### Ang Awit ng mga Tinubos

1Tumingin ako, at nakita ko ang Kordero na nakatayo sa Bundok ng Zion, kasama ang isandaan at apatnapu't apat na libong tao (144,000). Nakasulat sa kanilang noo ang pangalan ng Kordero at ang pangalan ng kanyang Ama.

2At narinig ko mula sa langit ang isang tinig na sinlakas ng rumaragasang tubig at dagundong ng kulog. Ang tinig na narinig ko'y parang tugtugan ng mga manunugtog ng alpa.

3Sila'y umaawit ng isang bagong awit sa harap ng trono, at sa harap ng apat na nilalang na buháy at sa harap ng matatandang pinuno. Walang matututong umawit sa awit na iyon kundi ang isandaan at apatnapu't apat na libong (144,000) tinubos mula sa daigdig.

4Ito ang mga lalaking nanatiling walang dungis at hindi nakipagtalik sa mga babae. Nanatili silang mga birhen. Sumusunod sila sa Kordero saanman siya magpunta. Sila'y tinubos mula sa buong sangkatauhan bilang mga unang handog sa Diyos at sa Kordero.

5Hindi sila nagsinungaling kailanman at wala silang anumang kapintasan.

### Ang Tatlong Anghel

6Nakita ko rin ang isa pang anghel na lumilipad sa himpapawid, dala ang walang hanggang Magandang Balita upang ipahayag sa mga tao sa lupa, sa lahat ng bansa, lipi, wika, at bayan.

7Sinabi niya nang malakas, “Matakot kayo sa Diyos at luwalhatiin ninyo siya! Sapagkat dumating na ang oras ng kanyang paghatol. Sambahin ninyo ang Diyos na lumikha ng langit, lupa, dagat, at mga bukal ng tubig!”

8Sumunod naman ang ikalawang anghel na nagsasabi, “Bumagsak na! Bumagsak na ang makapangyarihang Babilonia, na nagpainom sa lahat ng mga bansa ng alak ng kanyang kahalayan!”

9At sumunod sa dalawa ang ikatlong anghel na sumisigaw, “Sinumang sumasamba sa halimaw at sa larawan nito, at nagpapatatak sa kanyang noo o sa kamay,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society
PHILIPPINE BIBLE SOCIETY

10ay paiinumin ng Diyos ng purong alak ng kanyang poot na ibinuhos sa kopa ng kanyang galit. Pahihirapan sila sa apoy at asupre sa harapan ng mga banal na anghel at sa harapan ng Kordero.

11Ang usok mula sa apoy na nagpapahirap sa kanila ay patuloy na tataas magpakailanman. Araw at gabi ay maghihirap nang walang pahinga ang mga sumamba sa halimaw at sa kanyang larawan, at ang mga natatakan ng kanyang pangalan."

12Ito'y panawagan na magpakatatag ang mga hinirang ng Diyos, ang mga sumusunod sa mga utos ng Diyos at nananatiling tapat kay Jesus.

13At narinig ko mula sa langit ang isang tinig, na nagsasabi, "Isulat mo: Mula ngayon, pinagpala ang mga namamatay na naglilingkod sa Panginoon!" At sinabi ng Espiritu, "Totoo nga silang pinagpala! Magpapahinga na sila sa kanilang mga pagpapagal; sapagkat sinusundan sila ng kanilang mga gawa."

### Ang Pag-aani

14Tumingin uli ako, at nakita ko ang isang puting ulap, at nakaupo rito ang isang kamukha ng anak ng tao, may suot na koronang ginto at may hawak na isang matalim na karit.

15Isa pang anghel ang lumabas mula sa templo at nagsalita nang malakas sa nakaupo sa ulap, "Gamitin mo na ang iyong karit, gumapas ka na sapagkat panahon na; hinog na ang aanihin sa lupa!"

16Ginamit nga ng nakaupo sa ulap ang kanyang karit, at ginapas niya ang anihín sa lupa.

17At isa pang anghel ang nakita kong lumabas mula sa templo sa langit; may hawak din itong matalim na karit.

18Lumabas naman mula sa dambana ang isa pang anghel. Siya ang namamahala sa apoy sa dambana. Sinabi niya sa anghel na may matalim na karit, "Gamitin mo na ang iyong karit, at anihin mo ang mga ubas sa lahat ng ubasan sa lupa, sapagkat hinog na ang mga ito!"

19Kaya't ginamit ng anghel ang kanyang karit, inani ang mga ubas, at inihagis sa pisaan ng matinding poot ng Diyos.

20Pinisa sa labas ng lungsod ang mga ubas at mula sa pisaan ay bumaha ng dugo. Ang lawak ng baha ay umabot hanggang tatlong daang (300) kilometro, at limang talampakan ang lalim.

## Pahayag 15

### Ang mga Panghuling Salot

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[1]Nakita ko rin sa langit ang isa pang kakaiba at kagila-gilalas na palatandaan: may pitong anghel na may dalang pitong salot. Ito ang mga panghuling salot sapagkat dito matatapos ang poot ng Diyos.

[2]May nakita akong parang dagat na kristal na nagliliyab. Nakita ko rin ang mga nagtagumpay laban sa halimaw at sa larawan nito, at sa nagtataglay ng bilang na katumbas ng kanyang pangalan. Nakatayo sila sa tabi ng dagat na kristal, hawak ang mga alpang bigay sa kanila ng Diyos.

[3]Inaawit nila ang awit ni Moises na lingkod ng Diyos, at ang awit ng Kordero: "Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat, dakila at kahanga-hanga ang iyong mga gawa! O Hari ng mga bansa, matuwid at totoo ang iyong mga paraan!

[4]Sino ang hindi matatakot sa iyo, Panginoon? Sino ang hindi magpupuri sa iyong pangalan? Ikaw lamang ang banal! Lahat ng mga bansa ay lalapit at sasamba sa iyo, sapagkat nakita ng lahat ang matuwid mong mga gawa."

[5]Pagkatapos nito'y nakita ko ring bumukas ang templo sa langit, ang Toldang Tipanan.

[6]Lumabas mula sa templo ang pitong anghel na may dalang pitong salot. Nakasuot sila ng damit na malinis at nakakasilaw sa kaputian at may gintong pamigkis sa dibdib.

[7]Ibinigay sa kanila ng isa sa apat na nilalang na buháy ang pitong mangkok na ginto na punung-puno ng poot ng Diyos, na siyang nabubuhay magpakailanman.

[8]Ang templo ay napuno ng usok na nagmumula sa kaluwalhatian at kapangyarihan ng Diyos at walang makapasok sa templo hangga't hindi natatapos ang pitong salot na dala ng pitong anghel.

## Pahayag 16

### Ang mga Mangkok ng Poot ng Diyos

[1]Mula sa templo'y narinig ko ang isang malakas na tinig na nag-uutos sa pitong anghel, "Humayo na kayo at ibuhos ninyo sa lupa ang laman ng pitong mangkok ng poot ng Diyos."

[2]Kaya umalis ang unang anghel at ibinuhos sa lupa ang laman ng dala niyang mangkok. At nagkaroon ng mahahapdi at nakakapandiring pigsa ang mga taong may tatak ng halimaw at sumamba sa larawan nito.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[3]Ibinuhos ng ikalawang anghel ang laman ng kanyang mangkok sa dagat. Ang tubig nito ay naging parang dugo ng patay na tao, at namatay ang lahat ng nilikhang may buhay na nasa dagat.

[4]Ibinuhos naman ng ikatlong anghel ang laman ng kanyang mangkok sa mga ilog at mga bukal, at naging dugo rin ang mga ito.

[5]At narinig kong sinabi ng anghel na namamahala sa mga tubig, "Ikaw ang Matuwid, na nabubuhay ngayon at noong una, ang Banal, sapagkat hinatulan mo ang mga bagay na ito.

[6]Ang mga nagpadanak ng dugo ng mga hinirang ng Diyos at ng mga propeta ay binigyan mo ng dugo upang kanilang inumin. Iyan ang nararapat sa kanila!"

[7]At narinig ko ang isang tinig mula sa dambana na nagsasabi, "Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat, talagang matuwid at tama ang mga hatol mo!"

[8]At ibinuhos din ng ikaapat na anghel ang laman ng dala niyang mangkok sa araw. At ito'y binigyan ng kapangyarihang pasuin ang mga tao sa tindi ng init nito.

[9]Napaso nga sila, ngunit sa halip na magsisi at talikuran ang kanilang mga kasalanan at magpuri sa Diyos, nilapastangan pa nila ang pangalan ng Diyos na may kapangyarihang magpadala ng ganoong mga salot.

[10]Ibinuhos naman ng ikalimang anghel ang laman ng hawak niyang mangkok sa trono ng halimaw, at nagdilim ang kaharian nito. Napakagat-dila sa kirot ang mga tao,

[11]at sinumpa nila ang Diyos ng langit dahil sa kanilang hirap at tinamong mga pigsa. Ngunit hindi rin sila nagsisi at tumalikod sa masasama nilang gawain.

[12]At ibinuhos ng ikaanim na anghel ang laman ng dala niyang mangkok sa malaking Ilog Eufrates. Natuyo ang ilog upang magkaroon ng landas para sa mga haring mula sa silangan.

[13]At nakita kong lumalabas mula sa bunganga ng dragon, sa bunganga ng halimaw, at sa bunganga ng huwad na propeta, ang tatlong karumal-dumal na espiritung mukhang palaka.

[14]Ang mga ito'y mga espiritu ng mga demonyong gumagawa ng mga kababalaghan. Pinuntahan nila ang lahat ng hari sa daigdig upang tipunin para sa labanan sa dakilang Araw ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

[15]"Makinig kayo! Ako'y darating na parang magnanakaw! Pinagpala ang nananatiling gising at nag-iingat ng kanyang damit. Hindi siya lalakad na hubad at hindi mapapahiya sa harap ng mga tao!"

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

16At ang mga hari ay tinipon ng mga espiritu sa lugar na tinatawag sa wikang
Hebreo na Armagedon.

17Pagkatapos nito, ibinuhos ng ikapitong anghel ang laman ng hawak niyang
mangkok sa himpapawid. At may nagsalita nang malakas mula sa tronong
nasa templo, "Naganap na!"

18Kumidlat, kumulog, at lumindol nang napakalakas. Ito ang pinakamalakas
na lindol mula pa nang likhain ang tao dito sa lupa.

19Nahati sa tatlong bahagi ang malaking lungsod, at nawasak ang lahat ng
lungsod sa buong daigdig. Hindi nga nakaligtas sa parusa ng Diyos ang
tanyag na Babilonia. Pinainom siya ng Diyos ng alak mula sa kopa ng
kanyang matinding poot.

20Umalis ang lahat ng mga pulo at nawala ang lahat ng mga bundok.

21Umulan ng malalaking batong yelo na tumitimbang ng halos limampung
(50) kilo bawat isa, at nabagsakan ang mga tao. At nilapastangan ng mga
tao ang Diyos dahil sa nakakapangilabot na salot na iyon.

## Pahayag 17

### Ang Reyna ng Kahalayan

1Pagkatapos, ang isa sa pitong anghel na may dalang pitong mangkok ay
lumapit sa akin at sinabi niya, "Halika, ipapakita ko sa iyo kung paano
paparusahan ang reyna ng kahalayan na nakaupo sa ibabaw ng maraming
tubig.

2Ang mga hari sa lupa ay nakiapid sa babaing ito, at ang lahat ng tao sa
sanlibutan ay nilasing niya sa alak ng kanyang kahalayan."

3At napasailalim ako ng kapangyarihan ng Espiritu, at inihatid ako ng anghel
sa dakong ilang. Nakita ko roon ang isang babaing nakasakay sa isang
pulang halimaw. Ang halimaw ay may pitong ulo at sampung sungay.
Nakasulat sa buong katawan nito ang mga pangalang lumalait sa Diyos.

4Ang damit ng babae ay kulay ube at pula. Ang kanyang mga alahas ay
ginto, mahahalagang bato at perlas. Hawak niya ang isang gintong kopa na
puno ng kanyang kasumpa-sumpang mga gawa at kahiya-hiyang
kahalayan.

5Nakasulat sa kanyang noo ang isang pangalang may lihim na kahulugan,
"Ang tanyag na Babilonia, ang ina ng mga nangangalunya at ng lahat ng
kahalayan sa lupa."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

6At nakita ko ang babae na lasing sa dugo ng mga hinirang ng Diyos at sa dugo ng mga martir na pinatay dahil kay Jesus. Nanggilalas ako nang makita ko siya.

7"Bakit ka nanggilalas?" tanong sa akin ng anghel. "Sasabihin ko sa iyo ang lihim na kahulugan ng babae at ng sinasakyan niyang halimaw na may pitong ulo at sampung sungay.

8Ang halimaw na nakita mo ay buháy noong una ngunit patay na ngayon; muli itong lilitaw buhat sa napakalalim na hukay at tuluyang mapapahamak. Ang mga taong nabubuhay sa lupa, na ang pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay mula pa nang likhain ang sanlibutan, ay manggigilalas kapag nakita nila ang halimaw, sapagkat pinatay na siya ngunit muling lilitaw.

9"Kailangan dito ang pang-unawa at karunungan: ang pitong ulo ay ang pitong burol na kinauupuan ng babae. Ang mga ito rin ay pitong hari:

10bumagsak na ang lima sa kanila, naghahari pa ang isa, at ang huli ay hindi pa dumarating. Pagdating niya, sandali lamang siyang maghahari.

11At ang halimaw na buháy noong una ngunit ngayo'y wala na ay isa sa pitong hari at siyang magiging ikawalo. Siya ay patungo sa kapahamakan.

12"Ang sampung sungay na nakita mo ay sampung haring hindi pa naghahari, ngunit bibigyan sila ng kapangyarihang maghari kasama ng halimaw sa loob ng isang oras.

13Iisa ang layunin ng sampung ito, at ipapailalim nila sa halimaw ang kanilang kapangyarihan at karapatan.

14Makikidigma sila laban sa Kordero ngunit tatalunin sila ng Kordero, sapagkat siya ang Panginoon ng mga panginoon at Hari ng mga hari. Kasama niya sa tagumpay ang kanyang mga tinawag, pinili, at tapat na tagasunod."

15Sinabi rin sa akin ng anghel, "Ang nakita mong mga tubig na kinauupuan ng babae ay mga lahi, mga bansa, at mga wika.

16Ang sampung sungay na nakita mo at ang halimaw ay mapopoot sa reyna ng kahalayan. Aagawin nila ang lahat ng ari-arian nito at iiwan siyang hubad. Kakainin nila ang kanyang laman at susunugin siya.

17Inilagay ng Diyos sa kanilang puso na isagawa ang kanyang layunin nang sila'y magkaisa at ipailalim nila sa halimaw ang kanilang kapangyarihang maghari hanggang sa maganap ang mga salita ng Diyos.

18Ang babaing nakita mo ay ang tanyag na lungsod na may kapangyarihan sa mga hari sa lupa."

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Pahayag 18

### Ang Pagbagsak ng Babilonia

1Pagkatapos nito, nakita kong bumababa mula sa langit ang isang anghel na may malaking kapangyarihan. Nagliwanag ang buong daigdig dahil sa kanyang kaluwalhatian.

2Sumigaw siya nang napakalakas, "Bumagsak na! Bumagsak na ang makapangyarihang Babilonia! Ngayon ay kulungan na lamang siya ng mga demonyo, ng masasamang espiritu, ng maruruming ibon at ng marurumi at kasuklam-suklam na mga hayop.

3Sapagkat pinainom niya ng alak ng kanyang kahalayan ang lahat ng bansa. Nakiapid sa kanya ang mga hari sa lupa, at ang mga mangangalakal sa buong daigdig ay yumaman sa kanyang mahalay na pamumuhay."

4Narinig ko mula sa langit ang isa pang tinig na nagsasabi, "Umalis ka sa Babilonia, bayan ko! Huwag kang makibahagi sa kanyang mga kasalanan, upang hindi ka maparusahang kasama niya!

5Sapagkat abot na hanggang langit ang mga kasalanan niya, at hindi nalilimutan ng Diyos ang kanyang kasamaan.

6Gawin ninyo sa kanya ang ginawa niya sa iba, gumanti kayo nang doble sa kanyang ginawa. Punuin ninyo ang kanyang kopa ng inuming higit na mapait kaysa inihanda niya sa iba.

7Kung paano siya nagmataas at nagpasasa sa kalayawan, palasapin ninyo siya ng ganoon ding pahirap at kapighatian. Sapagkat lagi niyang sinasabi, 'Ako'y nakaluklok na isang reyna! Hindi ako biyuda, hindi ako magluluksa kailanman!'

8Dahil dito, daragsa sa kanya ang mga salot sa loob ng isang araw: sakit, dalamhati, at taggutom; at tutupukin siya ng apoy. Sapagkat makapangyarihan ang Panginoong Diyos na humahatol sa kanya."

9Tatangis at iiyak ang mga haring nakiapid sa kanya at nagpasasa sa kalayawan sa piling niya, habang tinatanaw nila ang usok ng nasusunog na lungsod.

10Tatayo sila sa malayo sapagkat takot silang madamay sa dinaranas niyang parusa. Sasabihin nila, "Kalagim-lagim! Kalagim-lagim ang dakilang Babilonia, ang makapangyarihang lungsod! Sa loob lamang ng isang oras ay naganap ang parusa sa kanya!"

11Dahil sa kanya'y tatangis din at magdadalamhati ang mga mangangalakal sa daigdig, sapagkat wala nang bibili ng kanilang paninda.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

12Wala nang bibili ng kanilang mga ginto, pilak, alahas at perlas, mga telang lino, seda, telang kulay ube at pula, lahat ng uri ng mabangong kahoy, mga kagamitang yari sa pangil ng elepante, mamahaling kahoy, tanso, bakal, at marmol.

13Wala nang bibili ng kanilang sinamon at mga pampalasa, kamanyang, mira at insenso, alak at langis, harina at trigo, mga baka at tupa, mga kabayo at karwahe, mga alipin, at maging kaluluwa ng tao.

14“Wala na ang lahat ng mga bagay na hinangad mo. Ang lahat ng kayamanan mo, pati na ang iyong kagandahan ay naglahong kasama mo at hindi na masisilayan ng mga tao kailanman!”

15Hindi lalapit ang mga mangangalakal na yumaman sa lungsod na iyon sapagkat takot silang madamay sa kanyang paghihirap. Tatangis sila at magdadalamhati.

16Sasabihin nila, “Nakakapangilabot ang nangyari sa tanyag na lungsod! Dati'y nadaramtan siya ng lino at telang kulay ube at pula, at napapalamutian ng mga alahas, ginto at perlas!

17Sa loob lamang ng isang oras ay naglahong lahat iyon!” Mula sa malayo ay tumanaw ang mga kapitan, mga pasahero, at mga tripulante ng mga sasakyang pandagat, at lahat ng nangangalakal sa dagat,

18at tinangisan nila ang nasusunog na lungsod habang minamasdan ang usok na nagmumula roon, “Walang katulad ang katanyagan ng lungsod na iyon!”

19Nagsabog sila ng abo sa kanilang ulo at nanangis, “Kalagim-lagim! Kalagim-lagim ang nangyari sa dakilang lungsod! Yumaman ang lahat ng tumigil sa kanyang daungan! Ngunit sa loob lamang ng isang oras ay nawalan ng kabuluhan!”

20Magalak ka, o langit, sa nangyari sa kanya! Magalak kayo, mga hinirang ng Diyos, mga apostol at mga propeta sapagkat hinatulan na siya ng Diyos dahil sa ginawa niya sa inyo!

21Pagkatapos, isang makapangyarihang anghel ang bumuhat ng isang batong sinlaki ng gilingang-bato at inihagis iyon sa dagat. Sinabi niya, “Ganito karahas ibabagsak ang tanyag na lungsod ng Babilonia, at hindi na siya makikitang muli!

22Hindi na maririnig sa kanya ang tinig ng mga mang-aawit at ang himig ng mga tugtugan ng alpa, plauta at trumpeta! Wala nang makikita sa kanyang mga manggagawa at hindi na maririnig ang ingay ng mga gilingan!

23Wala nang kahit isang ilaw na magliliwanag sa kanya. Hindi na maririnig ang masasayang tinig ng mga ikinakasal. Sapagkat naging

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

makapangyarihan sa buong daigdig ang kanyang mangangalakal at dinaya niya ang lahat ng bansa sa pamamagitan ng pangkukulam."

24At natagpuan sa kanya ang dugo ng mga propeta, mga hinirang, at ng lahat ng pinatay sa daigdig.

## Pahayag 19

1Pagkatapos nito, narinig ko ang tila sama-samang tinig ng napakaraming tao sa langit na umaawit ng ganito, "Aleluia! Ang kaligtasan, ang karangalan at ang kapangyarihan ay tanging sa Diyos lamang!

2Matuwid at tama ang kanyang hatol! Hinatulan niya ang reyna ng kahalayan na nagpasamâ sa mga tao sa lupa sa pamamagitan ng kanyang kahalayan. Pinarusahan siya ng Diyos dahil sa pagpatay niya sa mga lingkod ng Panginoon!"

3Muli silang umawit, "Aleluia! Walang tigil na tataas ang usok na mula sa nasusunog na lungsod!"

4Ang dalawampu't apat (24) na matatandang pinuno at ang apat na nilalang na buháy ay nagpatirapa at sumamba sa Diyos na nakaupo sa trono. Sabi nila, "Amen! Aleluia!"

### Ang Handaan sa Kasalan ng Kordero

5May nagsalita mula sa trono, "Purihin ninyo ang ating Diyos, kayong lahat na mga lingkod niya, dakila o hamak man, kayong may banal na takot sa kanya!"

6Pagkatapos ay narinig ko ang parang sama-samang tinig ng napakaraming tao, parang ugong ng rumaragasang tubig at dagundong ng mga kulog. Ganito ang sabi ng tinig, "Aleluia! Sapagkat naghahari ang Panginoon nating Diyos na Makapangyarihan sa lahat!

7Magalak tayo at magsaya! Luwalhatiin natin siya sapagkat sumapit na ang kasal ng Kordero at inihanda na ng kasintahang babae ang kanyang sarili.

8Binihisan siya ng malinis at puting-puting lino." Ang lino ay ang mabubuting gawa ng mga hinirang ng Diyos.

9At sinabi sa akin ng anghel, "Isulat mo ito: pinagpala ang mga inanyayahan sa kasalan ng Kordero." Idinugtong pa niya, "Ito ay tunay na mga salita ng Diyos."

10Nagpatirapa ako sa kanyang paanan upang sambahin siya, ngunit sinabi niya sa akin, "Huwag mong gawin iyan! Ako ma'y aliping tulad mo at tulad ng iyong mga kapatid na nagpapatotoo tungkol kay Jesus. Ang Diyos ang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

sambahin mo, sapagkat ang pagpapatotoo tungkol kay Jesus ang diwa ng propesiya."

**Ang Nakasakay sa Kabayong Puti**

11Pagkaraan nito'y nabuksan ang langit, at nakita ko ang isang kabayong puti. Ang sakay nito'y tinatawag na Tapat at Totoo, sapagkat matuwid siyang humatol at makipagdigma.

12Parang nagliliyab na apoy ang kanyang mga mata, at sa kanyang ulo ay mayroong maraming korona. Nakasulat sa kanya ang isang pangalan niya na siya lamang ang nakakaalam ng kahulugan.

13Basang-basa sa dugo ang kanyang kasuotan at ang tawag sa kanya ay "Salita ng Diyos."

14Sumusunod sa kanya ang mga hukbo ng langit, na nakadamit ng malinis at puting lino at nakasakay rin sa mga kabayong puti.

15May matalim na tabak na lumalabas sa kanyang bibig na gagamitin niyang panlupig sa mga bansa. Mamamahala siya sa mga ito sa pamamagitan ng tungkod na bakal at paaagusin mula sa pisaan ng ubas ang alak ng poot ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

16Nakasulat sa kanyang kasuotan at sa kanyang hita ang ganitong pangalan: "Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon."

17Nakita ko naman ang isang anghel na nakatayo sa araw. Sumigaw siya nang malakas at tinawag ang mga ibon sa himpapawid, "Halikayo, at magkatipon para sa malaking handaan ng Diyos!

18Kainin ninyo ang laman ng mga hari, ng mga kapitan, ng mga kawal, ng mga kabayo at ng kanilang mga sakay. Kainin din ninyo ang laman ng lahat ng tao, alipin at malaya, hamak at dakila!"

19At nakita kong nagkatipon ang halimaw at ang mga hari sa lupa, kasama ang kanilang mga hukbo upang kalabanin ang nakasakay sa kabayo at ang hukbo nito.

20Nabihag ang halimaw, gayundin ang huwad na propeta na gumawa ng mga kababalaghan sa harap ng halimaw upang dayain ang mga taong may tanda ng halimaw at sumamba sa larawan nito. Ang halimaw at ang huwad na propeta ay inihagis nang buháy sa lawa ng apoy na nagliliyab sa asupre.

21Ang kanilang mga hukbo ay pinatay sa pamamagitan ng tabak na lumabas sa bibig ng nakasakay sa kabayo. Nabusog nang husto ang mga ibon sa pagkain ng kanilang mga bangkay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Pahayag 20

### Ang Sanlibong Taon

1Pagkatapos nito'y nakita ko ang isang anghel na bumababa mula sa langit, hawak ang isang malaking kadena at ang susi ng napakalalim na hukay.

2Sinunggaban niya ang dragon, ang matandang ahas na walang iba kundi ang Diyablo o Satanas, at ginapos ito sa loob ng sanlibong (1,000) taon.

3Ito'y inihagis ng anghel sa napakalalim na hukay, saka isinara at tinatakan ang pinto nito upang hindi siya makapandaya pa sa mga bansa hangga't hindi natatapos ang sanlibong (1,000) taon. Pagkatapos nito'y palalayain siya sa loob ng maikling panahon.

4At nakakita ako ng mga trono, at ang mga nakaupo doon ay binigyan ng karapatang humatol. Nakita ko rin ang mga kaluluwa ng mga taong pinugutan dahil sa pagpapatotoo tungkol kay Jesus at sa pagpapahayag ng salita ng Diyos. Hindi sila sumamba sa halimaw ni sa larawan nito, ni tumanggap man ng tatak ng halimaw sa kanilang noo o kamay. Sila'y nabuhay at nagharing kasama ni Cristo sa loob ng sanlibong (1,000) taon.

5Ito ang unang pagbuhay sa mga patay. Ang iba pang mga patay ay hindi nabuhay hanggang hindi natatapos ang sanlibong (1,000) taon.

6Pinagpala at ibinukod para sa Diyos ang nakasama sa unang pagkabuhay ng mga patay. Walang kapangyarihan sa kanila ang pangalawang kamatayan, sa halip, sila'y magiging mga pari ng Diyos at ni Cristo, at maghahari silang kasama niya sa loob ng sanlibong (1,000) taon.

### Ang Pagkatalo ni Satanas

7Pagkatapos ng sanlibong (1,000) taon ay palalayain si Satanas mula sa kanyang pagkabilanggo.

8Lalabas siya at dadayain ang mga bansa mula sa apat na sulok ng daigdig, ang Gog at Magog. Titipunin niya ang mga ito upang isama sa pakikipagdigma. Ang hukbong ito ay sindami ng buhangin sa tabing-dagat.

9Kumalat sila sa buong daigdig at pinaligiran ang kampo ng mga hinirang ng Diyos at ang pinakamamahal na lungsod. Ngunit umulan ng apoy mula sa langit at tinupok ang mga kampon ni Satanas.

10At ang Diyablong nandaya sa kanila ay itinapon sa lawa ng apoy at asupre na pinagtapunan din sa halimaw at sa huwad na propeta. Pahihirapan sila doon araw at gabi, magpakailanman.

### Ang Paghuhukom

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

11Pagkatapos nito'y nakita ko ang isang malaking tronong puti at ang nakaupo doon. Naglaho ang lupa't langit sa kanyang harapan, at hindi na nakita pang muli.

12Nakita kong nakatayo sa harap ng trono ang mga namatay, maging dakila at hamak, at binuksan ang mga aklat. Binuksan ang isa pang aklat, ang aklat ng buhay. Hinatulan ang mga patay ayon sa kanilang ginawa, batay sa nakasulat sa mga aklat.

13Iniluwa ng dagat ang mga patay na naroroon. Iniluwa din ng Kamatayan at Daigdig ng mga Patay ang mga patay na nasa kanila. Hinatulan ang lahat ayon sa kanilang mga ginawa.

14Pagkatapos ay itinapon din sa lawa ng apoy ang Kamatayan at ang Daigdig ng mga Patay. Ang lawa ng apoy ang pangalawang kamatayan.

15Ang sinumang hindi nakasulat ang pangalan sa aklat ng buhay ay itinapon sa lawa ng apoy.

## Pahayag 21

### Ang Bagong Langit at ang Bagong Lupa

1Pagkatapos nito, nakita ko ang isang bagong langit at isang bagong lupa. Wala na ang dating langit at lupa, wala na rin ang dagat.

2At nakita ko ang Banal na Lungsod, ang bagong Jerusalem na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, gaya ng isang babaing ikakasal. Siya'y nakabihis at nakahanda sa pagsalubong sa kanyang mapapangasawa.

3Narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa trono, “Tingnan ninyo, ang tahanan ng Diyos ay nasa piling na ng mga tao! Maninirahan siyang kasama nila, at sila'y magiging bayan niya. Diyos mismo ang makakapiling nila at siya ang magiging Diyos nila.

4At papahirin niya ang bawat luha sa kanilang mga mata. Wala nang kamatayan, dalamhati, pagtangis, at paghihirap sapagkat lumipas na ang dating mga bagay.”

5Pagkatapos ay sinabi ng nakaupo sa trono, “Pagmasdan ninyo, ginagawa kong bago ang lahat ng bagay!” At sinabi niya sa akin, “Isulat mo, sapagkat maaasahan at totoo ang mga salitang ito.”

6Sinabi rin niya sa akin, “Naganap na! Ako ang Alpha at ang Omega, ang simula at ang wakas. Ang sinumang nauuhaw ay bibigyan ko ng tubig na walang bayad mula sa bukal na nagbibigay-buhay.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

7Ito ang makakamtan ng magtatagumpay: ako'y magiging Diyos niya at siya nama'y magiging anak ko.

8Subalit para naman sa mga duwag, mga taksil, mga gumagawa ng mga kasuklam-suklam na bagay, mga mamamatay-tao, mga nakikiapid, mga mangkukulam, mga sumasamba sa diyus-diyosan, at sa lahat ng mga sinungaling—ang magiging bahagi nila'y sa lawa ng nagliliyab na apoy at asupre. Ito ang pangalawang kamatayan."

**Ang Bagong Jerusalem**

9Ang isa sa pitong anghel na may dalang pitong mangkok na punô ng pitong huling salot ay lumapit sa akin. Sabi niya, "Halika, at ipapakita ko sa iyo ang babaing mapapangasawa ng Kordero."

10Napasailalim ako sa kapangyarihan ng Espiritu, at ako'y dinala ng anghel sa ibabaw ng isang napakataas na bundok. Ipinakita niya sa akin ang Jerusalem, ang Banal na Lungsod, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos.

11Nagliliwanag ito dahil sa kaluwalhatian ng Diyos; kumikislap na parang batong hiyas, gaya ng jasper, at sinlinaw ng kristal.

12Ang pader nito'y makapal, mataas at may labindalawang (12) pinto, at sa bawat pinto ay may isang anghel. Nakasulat sa mga pinto ang mga pangalan ng labindalawang (12) lipi ng Israel, isang pangalan bawat pinto.

13May tatlong pinto ang bawat panig: tatlo sa silangan, tatlo sa timog, tatlo sa hilaga, at tatlo sa kanluran.

14Ang pader ng lungsod ay may labindalawang (12) pundasyon at nakasulat sa mga ito ang mga pangalan ng labindalawang (12) apostol ng Kordero.

15Ang anghel na nagsalita sa akin ay may hawak na gintong panukat upang sukatin ang lungsod, gayundin ang mga pinto at ang pader nito.

16Parisukat ang ayos ng lungsod, kung ano ang haba, ganoon din ang luwang. Sinukat ng anghel ang lungsod, at ang lumabas na sukat ng lungsod ay dalawang libo apatnaraang (2,400) kilometro ang haba at ang luwang, gayundin ang taas.

17Sinukat din niya ang pader at animnapu't limang (65) metro naman ang taas nito, ayon sa panukat na dala ng anghel.

18Batong jasper ang pader, at ang lungsod ay lantay na gintong kumikinang na parang kristal.

19Ang saligan ng pader ay punô ng lahat ng uri ng mamahaling bato. Jasper ang una, safiro ang ikalawa, kalsedonia ang ikatlo, esmeralda ang ikaapat,

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

[20]onise ang ikalima, kornalina ang ikaanim, krisolito ang ikapito, berilo ang ikawalo, topaz ang ikasiyam, krisopraso ang ikasampu, hasinto ang ikalabing-isa, at amatista ang ikalabindalawa.

[21]Perlas ang labindalawang (12) pinto, bawat pinto ay yari sa iisang perlas. Purong ginto ang lansangan ng lungsod at kumikinang na parang kristal.

[22]Wala akong nakitang templo sa lungsod sapagkat ang nagsisilbing templo roon ay ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat at ang Kordero.

[23]Hindi na kailangan ang araw o ang buwan upang bigyang liwanag ang lungsod, sapagkat ang kaluwalhatian ng Diyos ang nagbibigay ng liwanag doon at ang Kordero ang siyang ilawan.

[24]Sa liwanag nito'y lalakad ang lahat ng tao, at dadalhin doon ng mga hari sa lupa ang kanilang kayamanan.

[25]Hindi isasara ang mga pinto ng lungsod sa buong maghapon, at hindi na sasapit doon ang gabi.

[26]Dadalhin sa lungsod ang yaman at dangal ng mga bansa,

[27]ngunit hindi makakapasok doon ang anumang bagay na marumi, ni ang mga gumagawa ng kasuklam-suklam, ni ang mga sinungaling. Ang mga tao lamang na ang pangalan ay nakasulat sa aklat ng buhay na iniingatan ng Kordero ang makakapasok sa lungsod.

## Pahayag 22

[1]Ipinakita rin sa akin ng anghel ang ilog ng tubig na nagbibigay-buhay. Ang tubig nito na sinlinaw ng kristal ay bumubukal mula sa trono ng Diyos at ng Kordero,

[2]at umaagos sa gitna ng lansangan ng lungsod. Sa magkabilang panig ng ilog ay ang punongkahoy na nagbibigay-buhay. Ito'y namumunga ng labindalawang (12) uri ng bunga, isang uri sa bawat buwan. Nakapagpapagaling sa sakit ng mga tao ang mga dahon nito.

[3]Wala roong makikitang anumang isinumpa ng Diyos. Makikita sa lungsod ang trono ng Diyos at ng Kordero, at sasambahin siya ng kanyang mga lingkod.

[4]Makikita nila ang kanyang mukha, at isusulat sa kanilang noo ang kanyang pangalan.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

5Doo'y wala nang gabi, kaya't hindi na sila mangangailangan pa ng mga ilawan o ng liwanag ng araw, sapagkat ang Panginoong Diyos ang magiging liwanag nila, at maghahari sila magpakailanman.

**Ang Pagdating ni Jesus**

6At sinabi sa akin ng anghel, "Maaasahan at totoo ang mga salitang ito. Ang Panginoon, ang Diyos ng mga espiritu ng mga propeta, ang siyang nagsugo sa kanyang anghel upang ihayag sa mga lingkod niya ang mga bagay na magaganap sa lalong madaling panahon."

7At sinabi ni Jesus, "Makinig kayo! Darating na ako! Pinagpala ang sumusunod sa mga salita ng propesiya na nasa aklat na ito!"

8Akong si Juan ang nakarinig at nakakita sa lahat ng ito. Matapos kong marinig at makita ang lahat, ako'y nagpatirapa sa paanan ng anghel na nagpakita sa akin ng mga ito upang siya'y sambahin.

9Ngunit sinabi niya, "Huwag mong gawin iyan! Ako ma'y aliping tulad mo, at tulad din ng iyong mga kapatid na propeta at ng lahat ng sumusunod sa mga salita sa aklat na ito. Ang Diyos ang sambahin mo!"

10At sinabi rin niya sa akin, "Huwag mong ililihim ang mga propesiya na nasa aklat na ito, sapagkat malapit nang maganap ang mga ito.

11Magpatuloy sa pagpapakasama ang masasama, magpatuloy sa pagpapakarumi ang marurumi, ngunit ang namumuhay sa kalooban ng Diyos ay magpatuloy sa gayong pamumuhay at ang banal sa pagiging banal."

12At sinabi ni Jesus, "Makinig kayo! Darating na ako! Dala ko ang mga gantimpalang ibibigay sa bawat isa ayon sa kanyang ginawa!

13Ako ang Alpha at ang Omega, ang una at ang huli, ang simula at ang wakas."

14Pinagpala ang naglilinis ng kanilang kasuotan sapagkat bibigyan sila ng karapatang pumasok sa lungsod at kumain ng bunga ng punongkahoy na nagbibigay-buhay.

15Subalit maiiwan sa labas ng lungsod ang mga asal-aso, ang mga mangkukulam, ang mga nakikiapid, ang mga mamamatay-tao, ang mga sumasamba sa diyus-diyosan, at ang mga mahilig magsinungaling at mandaya.

16"Akong si Jesus ang nagsugo sa aking anghel upang ang mga bagay na ito'y ipahayag sa inyo na nasa mga iglesya. Ako ang ugat at supling ni David; ako ang maningning na bituin sa umaga."

17Sinasabi ng Espiritu at ng babaing ikakasal, "Halikayo!" Lahat ng nakakarinig nito ay magsabi rin, "Halikayo!" Lumapit ang sinumang

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

nauuhaw; kumuha ang may gusto ng tubig na nagbibigay-buhay; ito'y walang bayad.

**Pagwawakas**

18Akong si Juan ay nagbibigay ng babala sa sinumang makarinig sa mga propesiya na nasa aklat na ito: sa sinumang magdaragdag sa nilalaman ng aklat na ito ay idaragdag ng Diyos sa kanya ang mga salot na nakasulat dito.

19Ang sinumang mag-alis ng anuman sa mga salita ng aklat ng propesiyang ito, ay aalisan ng Diyos ng karapatang makibahagi sa bunga ng punongkahoy na nagbibigay-buhay at sa Banal na Lungsod na binabanggit dito.

20Sinasabi ng nagpapatotoo sa lahat ng ito, “Tiyak na nga! Darating na ako!” Amen! Dumating ka nawa, Panginoong Jesus!

21Nawa'y makamtan ng lahat ang kagandahang-loob ng Panginoong Jesus. Amen.

New Testament © 2012 Philippine Bible Society
Old Testament © 2005 Philippine Bible Society

# Esclarecimento

Trata-se de iniciativa particular, com os seguintes objetivos: (i) colaborar para divulgação dos diversos textos bíblicos disponíveis, e, (ii) facilitar o acesso a esses textos, inclusive por meio de download.

Todo esforço em tornar a Palavra de Deus acessível a todos, em quaisquer localidades e falantes das mais diversas línguas, precisa ser um objetivo de todos os que são guiados pelo Espírito Santo. Ele inspirou o profeta Jeremias a dizer "não ensinará jamais cada um ao seu próximo, nem cada um ao seu irmão, dizendo: Conhece ao SENHOR, porque todos me conhecerão, desde o menor até ao maior deles, diz o SENHOR" (Jer. 31:34).

Jesus, também, falou assim: "e será pregado este evangelho do reino por todo o mundo, para testemunho a todas as nações" (Mat. 24:14).

Muitas organizações foram constituídas com o propósito de fazer a Bíblia disponível nas diversas línguas. Não é uma tarefa simples. Anos de trabalho, dedicação e entrega são necessários para esta tão extraordinária missão.

O texto deste trabalho está disponível na internet, em páginas eletrônicas de organizações que produzem ou divulgam bíblias, sem acréscimos de notas ou comentários. Assim, reconhecendo e respeitando os direitos que possuem sobre seus trabalhos, incumbe a todos os que amam a Palavra de Deus, o esforço em contribuir para amplificar sua divulgação.

Se possível, faça download do texto, para que sejamos, também, guardiões da Bíblia, e, com isso, preservando-a para as futuras gerações.

Divulga a Palavra de Deus, ela mostra o Caminho e permite a todos, que se conheça Sua vontade, em todos os lugares e épocas.

Marcel da Glória Pereira

2021, Vitória/ES - Brasil

Capa: Pôr do sol nas montanhas. Trata-se de imagem disponibilizada na internet, dentre as que não informam haver restrição ao uso.